ANG SALITA

AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO

VOLUME V

ANG MGA RESPONSABILIDAD NG MGA LIDER AT MANGGAGAWA

ANG IGLESIA NG
MAKAPANGYARIHANG DIYOS

Karapatang-sipi © 2025 ng Makapangyarihang Diyos at ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos (Almighty God and The Church of Almighty God)

ANG SALITA

AY NAGPAPAKITA SA KATAWANG-TAO

VOLUME V

ANG MGA RESPONSABILIDAD NG MGA LIDER AT MANGGAGAWA

Ang Salita ay Nagpapakita sa Katawang-tao (pinaikli bilang Ang Salita), na ipinahayag ni Cristo ng mga Huling Araw, ang Makapangyarihang Diyos, ay kasalukuyang binubuo ng pitong na volume: Ang Volume I, Ang Pagpapakita at Gawain ng Diyos; ang Volume II, Ukol sa Pagkakilala sa Diyos; ang Volume III, Ang mga Diskurso ni Cristo ng mga Huling Araw; ang Volume IV, Paglalantad sa mga Anticristo; ang Volume V, Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa; ang Volume VI, Ukol sa Paghahangad sa Katotohanan; at ang Volume VII, Ukol sa Paghahangad sa Katotohanan.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring gawan ng kopya o ipamigay sa anumang anyo o sa anumang paraan, elektroniko man o mekanikal, kabilang na ang pagpapa-photocopy, pagre-record, o anumang sistema ng pag-iimbak o muling pagkuha ng impormasyon, nang walang nakasulat na pahintulot ng may-ari ng karapatang-sipi.

Dapat ipadala ang mga kahilingan para sa impormasyon sa:
contact.tl@kingdomsalvation.org

Ang nilalaman ng aklat na ito ay isinalin at iwinasto nang buo ng mga propesyonal na dalubwika. Gayunpaman, maaaring mayroon pa ring kaunting kamalian. Kung may hinala kayong gayong kamalian, mangyaring sumangguni sa orihinal na teksto sa wikang Chinese. Mangyaring huwag ding mag-atubiling kontakin kami, upang mai-update ang aklat kapag muli itong inilathala.

Ang aklat na ito ay hindi ibinebenta. Kung may anumang isyu sa paglilimbag o sa pagbubuklod nito, ang Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos ay magbibigay ng kapalit na kopya.

Inilathala ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos
Hulyo 1, 2025
https://tl.godfootsteps.org

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (1) 1
Bakit Kinakailangang Kilatisin ang mga Huwad na Lider 1
Isang Buod ng Labinlimang Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa 3
Unang Aytem: Akayin ang mga Tao na Kumain at Uminom ng mga Salita ng Diyos at Unawain ang mga Ito, at Pumasok sa Realidad ng mga Salita ng Diyos 7
Hindi Taglay ng mga Huwad na Lider ang Kakayahan at Abilidad na Arukin ang mga Salita ng Diyos 7
Hindi Kayang Akayin ng mga Huwad na Lider ang mga Tao Patungo sa Katotohanang Realidad 16
Ikalawang Aytem: Maging Pamilyar sa mga Kalagayan ng Bawat Uri ng Tao, at Lutasin ang Iba't Ibang Paghihirap na May Kaugnayan sa Buhay Pagpasok na Nararanasan Nila sa Tunay Nilang Buhay (Unang Bahagi) 19
Hindi Nakikita ng mga Huwad na Lider ang Totoo sa mga Kalagayan ng Bawat Uri ng Tao 19
Hindi Nalulutas ng mga Huwad na Lider ang mga Paghihirap at Problemang Nararanasan ng mga Tao sa Kanilang Buhay Pagpasok 25

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (2) 30
Ikalawang Aytem: Maging Pamilyar sa mga Kalagayan ng Bawat Uri ng Tao, at Lutasin ang Iba't Ibang Paghihirap na May Kaugnayan sa Buhay Pagpasok na Nararanasan Nila sa Tunay Nilang Buhay (Ikalawang Bahagi) 32
Walong Uri ng Paghihirap sa Buhay Pagpasok 32
I. Mga Paghihirap na May Kaugnayan sa Paggawa ng Tungkulin ng Isang Tao 32
II. Mga Isyung May Kaugnayan sa Paraan ng Pagtrato ng Isang Tao sa Kinabukasan at Tadhana Niya 34
III. Mga Paghihirap na May Kaugnayan sa mga Pakikipag-ugnayan sa Pagitan ng mga Tao 35
IV. Mga Isyung May Kaugnayan sa mga Damdamin ng Tao 36
V. Mga Isyung May Kaugnayan sa Pag-iimbot sa mga Kaginhawahan ng Laman 37
VI. Mga Paghihirap na May Kaugnayan sa Pagkilala sa Sarili 40

VII. Iba’t Ibang Pagpapamalas ng mga Tao sa Pagtrato Nila sa Diyos 41
VIII. Ang mga Saloobin at Iba’t Ibang Pagpapamalas ng mga Tao sa Pagtrato Nila sa Katotohanan 42
Ang Masasamang Epekto at Kahihinatnan ng Gawain ng mga Huwad na Lider 45
Ikatlong Aytem: Ibahagi ang mga Katotohanang Prinsipyo na Dapat Maunawaan Para Magampanan Nang Maayos ang Bawat Tungkulin (Unang Bahagi) 56
Kaya Lang ng mga Huwad na Lider na Magsabi ng mga Salita at Doktrina Para Manghikayat sa mga Tao 56
Ang mga Huwad na Lider ay Hindi Gumagawa ng Tunay na Gawain o Nag-aasikaso sa Gawain na Marapat Nilang Gawin 63
Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (3) 73
Ikatlong Aytem: Ibahagi ang mga Katotohanang Prinsipyo na Dapat Maunawaan Para Magampanan Nang Maayos ang Bawat Tungkulin (Ikalawang Bahagi) 73
Hindi Kayang Ibahagi ng mga Huwad na Lider ang mga Prinsipyo ng Paggampan sa Gawain 75
Ikaapat na Aytem: Alamin Palagi ang Sitwasyon ng mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain at ng mga Tauhan na Responsable sa Iba’t Ibang Mahalagang Trabaho, at Agad na Iayos ang Tungkulin Nila o Tanggalin Sila Kung Kinakailangan, Para Maiwasan o Mabawasan ang mga Kawalan na Dulot ng Paggamit sa mga Taong Hindi Angkop, at Matiyak ang Kahusayan at Maayos na Pag-usad ng Gawain 81
Dapat na Arukin ng mga Lider at Manggagawa ang mga Sitwasyon ng mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain 81
Mga Pamantayan sa Pagpili ng mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain 83
Ang mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Tungkol sa mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain 84
I. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na Hindi Gumagawa ng Tunay na Gawain 86
II. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na May Mahinang Kakayahan at Walang Kapabilidad sa Gawain 99

III. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na Nagpapahirap sa Iba at Nakakagulo sa Gawain ng Iglesia 106
IV. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na Lumalabag sa mga Pagsasaayos ng Gawain at Gumagawa ng mga Bagay sa Sariling Paraan ng mga Ito 111
V. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na mga Anticristo at Nagtatatag ng mga Nagsasariling Kaharian 114

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (4) 118
Ikalimang Aytem: Panatilihing Mayroong Napapanahong Pagka-arok at Pang-unawa Tungkol sa Estado at Pag-usad ng Bawat Aytem ng Gawain, at Magawang Agarang Lutasin ang mga Problema, Itama ang mga Paglihis, at Remedyuhan ang mga Kapintasan sa Gawain Nang sa Gayon ay Maayos Itong Makausad 118
Nagpapasasa sa Kaginhawahan at Hindi Nakikibahagi Nang Malalim ang mga Huwad na Lider sa mga Pinakamababang Antas Para Maunawaan ang Gawain 118
Hindi Nagsusubaybay o Nagbibigay ng Direksyon ang mga Huwad na Lider Tungkol sa Gawain 136
Hindi Gumagawa ng Tunay na Gawain ang mga Huwad na Lider, na Siyang Nagpapaantala sa Pag-usad ng Gawain 138

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (5) 158
Ikaanim na Aytem: Iangat at Linangin ang Lahat ng Uri ng Kalipikadong Talento Upang ang Lahat ng Naghahangad ng Katotohanan ay Magkaroon ng Pagkakataon na Magsanay at Pumasok sa Katotohanang Realidad sa Lalong Madaling Panahon 158
Ang Kahalagahan ng Pagtataguyod at Paglilinang ng Sambahayan ng Diyos sa Lahat ng Uri ng Taong May Talento 158
Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa Iba't ibang Uri ng Taong May Talento na Itinataguyod at Nililinang ng Sambahayan ng Diyos 160
I. Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa mga Lider at Manggagawa at mga Superbisor ng Iba't Ibang Aytem ng Gawain 160
II. Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa mga Taong May Talento sa Iba't Ibang Propesyon na Nagtataglay ng mga Espesyal na Talento o Kaloob 164

III. Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa mga Tauhan ng Gawain ng mga Pangkalahatang Usapin 168
Ang mga Pakay ng Sambahayan ng Diyos sa Pagtataguyod at Paglilinang sa Lahat ng Uri ng Taong May Talento 171
Ang Pang-unawa at Saloobin na Dapat Taglayin ng Isang Tao Tungkol sa Pagtataguyod at Paglilinang ng Sambahayan ng Diyos sa mga Tao 182
Ang mga Saloobin at Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Tungkol sa Pagtataguyod at Paglilinang sa Lahat ng Uri ng Taong May Talento 195

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (6) 218
Ikapitong Aytem: Magtalaga at Gumamit ng Iba't Ibang Uri ng Tao Nang Makatwiran, Batay sa Kanilang Pagkatao at mga Kalakasan, Upang ang Bawat Isa ay Magamit sa Pinakamainam na Paraan (Unang Bahagi) 219
Makatwirang Paggamit sa Iba't Ibang Uri ng Tao Batay sa Kanilang Pagkatao 219
Makatwirang Paggamit sa Iba't Ibang Uri ng Tao Batay sa Kanilang mga Kalakasan 224
Paano Tratuhin ang Ilang Natatanging Uri ng Tao 238
I. Paano Tratuhin ang mga Tao na Hindi Nag-aasikaso sa Gawain na Marapat Nilang Gawin 238
II. Paano Tratuhin ang mga Hudas 242
III. Paano Tratuhin ang mga Kaibigan ng Iglesia 247
IV. Paano Tratuhin ang mga Taong Natanggal 251

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (7) 260
Ikapitong Aytem: Magtalaga at Gumamit ng Iba't Ibang Uri ng Tao Nang Makatwiran, Batay sa Kanilang Pagkatao at mga Kalakasan, Upang ang Bawat Isa ay Magamit sa Pinakamainam na Paraan (Ikalawang Bahagi) 260
Ikawalong Aytem: Agarang Iulat at Hanapin Kung Paano Lutasin ang mga Kalituhan at Paghihirap na Nararanasan sa Gawain (Unang Bahagi) 271
Dapat Agarang Tukuyin at Lutasin ng mga Lider at Manggagawa ang mga Paghihirap 271
Mga Kalituhan at Paghihirap na Madalas na Nararanasan ng mga Lider at Manggagawa sa Kanilang Gawain 280
I. Mga Kalituhan 280

II. Mga Paghihirap 282
A. Ano ang mga Paghihirap 282
B. Ang mga Wastong Pananaw at Saloobin na Dapat Taglayin Kapag Nakakaranas ng mga Paghihirap 284
C. Ang mga Prinsipyong Dapat Isagawa ng mga Lider at Manggagawa Kapag Nakakaranas ng mga Paghihirap 291

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (8) 299
Ikawalong Aytem: Agarang Iulat at Hanapin Kung Paano Lutasin ang mga Kalituhan at Paghihirap na Nararanasan sa Gawain (Ikalawang Bahagi) 299
Dapat Agarang Iulat at Hanapin ng mga Lider at Manggagawa Kung Paano Lutasin ang mga Kalituhan at Paghihirap na Nararanasan sa Gawain 299
I. Ang Depinisyon ng “Agaran” 299
II. Ang mga Kahihinatnan ng Hindi Agarang Paglutas sa mga Problema 301
Paghihimay-himay sa Ilang Uri ng Huwad na Lider Batay sa Ikawalong Responsabilidad 303
I. Mga Huwad na Lider na Nagpapanggap na Espirituwal 303
II. Mga Huwad na Lider na Mahina ang Kakayahan 322
III. Mga Huwad na Lider na Tamad at Nagpapasasa sa Kaginhawahan 333

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (9) 356
Dalawang Pamantayan sa Paghusga Kung Pasok Ba sa Pamantayan ang mga Lider at Manggagawa 356
Ikasiyam na Aytem: Tumpak na Ipagbigay-alam, Iatas, at Ipatupad ang Iba’t Ibang mga Pagsasaayos ng Gawain ng Sambahayan ng Diyos Alinsunod sa mga Hinihingi Nito, Magbigay ng Patnubay, Pangangasiwa, at Panghihikayat, at Mag-inspeksiyon at Magsubaybay sa Estado ng Pagpapatupad sa mga Ito (Unang Bahagi) 361
Ang Depinisyon at mga Partikular na Aytem ng mga Pagsasaayos ng Gawain 361
I. Gawaing Administratibo 363
II. Gawain ng mga Tauhan 365
III. Gawain ng Ebanghelyo 366
IV. Iba’t Ibang Uri ng Propesyonal na Gawain 372
V. Buhay Iglesia 375

VI. Pamamahala sa Pag-aari 377
VII. Gawain ng Pag-aalis 380
VIII. Mga Panlabas na Usapin 382
IX. Kapakanan ng Iglesia 385
X. Mga Plano sa Panahon ng Kagipitan 386
Paano Tumpak na Ipagbigay-alam at Ipatupad ang mga Pagsasaayos ng Gawain 389
I. Paano Ipagbigay-alam ang mga Pagsasaayos ng Gawain 389
II. Paano Ipatupad ang mga Pagsasaayos ng Gawain 393
Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (10) 404
Ikasiyam na Aytem: Tumpak na Ipagbigay-alam, Iatas, at Ipatupad ang Iba't Ibang mga Pagsasaayos ng Gawain ng Sambahayan ng Diyos Alinsunod sa mga Hinihingi Nito, Magbigay ng Patnubay, Pangangasiwa, at Panghihikayat, at Mag-inspeksiyon at Magsubaybay sa Estado ng Pagpapatupad sa mga Ito (Ikalawang Bahagi) 404
Magbigay ng Patnubay, Pangangasiwa, at Panghihikayat Para sa Pagpapatupad ng mga Pagsasaayos ng Gawain, at Mag-inspeksiyon at Magsubaybay sa Estado ng Pagpapatupad ng mga Ito 404
I. Pagbibigay ng Patnubay 406
II. Pagbibigay ng Pangangasiwa at Panghihikayat 412
III. Pag-iinspeksiyon at Pagsusubaybay 416
Pagbabahaginan sa Kung Paano Magpatupad ng mga Pagsasaayos ng Gawain Nang May Halimbawa 417
Ang Saloobin at mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Patungkol sa mga Pagsasaayos ng Gawain 435
Ang Pamantayan sa Pagsubok Kung ang mga Lider at Manggagawa ay Pasok sa Pamantayan 444
Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (11) 451
Ikasampung Aytem: Maayos na Pangalagaan at Makatwirang Ilaan ang Iba't Ibang Materyal na Aytem ng Sambahayan ng Diyos (mga Aklat, Iba't Ibang Kagamitan, Pagkaing Butil, at iba pa), at Magsagawa ng mga Regular na Inspeksiyon, Pagmementena, at Pagkukumpuni Upang Mabawasan ang Pagkasira at Pagkasayang; Gayundin, Iwasang Angkinin ng Masasamang Tao ang mga Ito 455
Maayos na Pangangalaga 456

Makatwirang Paglalaan 459
I. Makatwirang Paglalaan sa mga Aklat ng mga Salita ng Diyos 460
II. Makatwirang Paglalaan sa Iba't Ibang Uri ng Kagamitan 460
III. Makatwirang Paglalaan sa Iba't Ibang Uri ng Pang-araw-araw na Suplay at Pagkain 466
Ang Maayos na Pamamahala sa mga Materyal na Aytem ng Sambahayan ng Diyos ay ang Responsabilidad ng Lahat ng Hinirang na mga Tao ng Diyos 472
Ang Saloobin at mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Tungkol sa mga Materyal na Aytem ng Sambahayan ng Diyos 476
Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (12) 492
Ikalabing-isang Aytem: Pumili ng mga Maaasahang Taong May Pagkataong Pasok sa Pamantayan Lalo na Para sa Gampanin ng Sistematikong Pagrerehistro, Pagbibilang, at Pangangalaga ng mga Handog; Regular na Suriin at Tingnan Kung Tama ba ang mga Papasok at Papalabas Nang sa Gayon ang mga Kaso ng Paglulustay o Pagwawaldas, Pati Na ang mga Hindi Makatwirang Paggastos, ay Matukoy Kaagad—Ipatigil ang Gayong mga Bagay at Humingi ng Makatwirang Kabayaran; Dagdag pa Rito, Iwasan, sa Anumang Paraan, na Mapasakamay at Makuha ng Masasamang Tao ang mga Handog 493
Kung Ano ang mga Handog 493
Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa Kaugnay sa Pangangalaga sa mga Handog 500
I. Wastong Pangangalaga sa mga Handog 500
II. Pagsusuri sa mga Akawnt 503
III. Pagsusubaybay, Pagsusuri, at Pag-iinspeksiyon sa Lahat ng Uri ng Gastos, Pagsasagawa ng Mahigpit na Pagbeberipika 508
IV. Agarang Alamin ang Kinaroroonan ng mga Handog, Pati Na Rin ang Iba't Ibang Sitwasyon ng mga Tagapag-ingat ng mga Ito 513
Ang mga Saloobin at Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Kaugnay sa mga Handog 517
I. Ang Pagtrato sa mga Handog bilang Pampublikong Ari-arian 517
II. Hindi Pagmamalasakit o Pagtatanong Tungkol sa mga Paggastos ng mga Handog 523
III. Paghihigpit sa mga Makatwirang Paggastos 526
IV. Pagkamkam at Pagtatamasa ng mga Handog 529

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (13) 536
Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Unang Bahagi) 537
Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 538
I. Madalas na Paglihis sa Paksa Kapag Nagbabahaginan sa Katotohanan 541
II. Pagsasabi ng mga Salita at Doktrina Para Ilihis ang mga Tao at Makuha ang Kanilang Pagpapahalaga 549
III. Pagdadaldal Tungkol sa mga Usapin sa Tahanan, Pagbubuo ng mga Personal na Koneksiyon, at Pag-aasikaso sa mga Personal na Usapin 555
IV. Pagpapangkat-pangkat 565

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (14) 572
Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikalawang Bahagi) 572
Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 573
V. Pakikipag-agawan Para sa Katayuan 573
VI. Pakikibahagi sa mga Di-wastong Ugnayan 595
A. Mga Di-wastong Ugnayan sa Pagitan ng mga Kasarian 598
B. Mga Ugnayang Homoseksuwal 602
C. Mga Di-wastong Ugnayan na May Kasamang mga Pansariling Interes 606
D. Pagkamuhi sa Pagitan ng mga Indibidwal 609

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (15) 619
Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikatlong Bahagi) 619
Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 619
VII. Pambabatikos at Pagbabangayan sa Isa't Isa 620
A. Ilang Uri ng Pagpapamalas ng Pambabatikos at Pagbabangayan sa Isa't Isa 623
1. Paglalantad ng mga Pagkukulang ng Isa't Isa 623
2. Paglalantad at mga Pambabatikos sa Isa't Isa 626
3. Mga Pagbabangayan 633
4. Mga Basta-Bastang Pagkondena sa mga Tao 646
B. Ang mga Katangian ng Pagkatao ng mga Taong Madalas na Nambabatikos sa Iba 652

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (16) 659
Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikaapat na Bahagi) 659
Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 659
VIII. Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro 659
A. Ang mga Pagpapamalas ng Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro 659
1. Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro Tungkol sa Diyos 660
2. Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro Tungkol sa mga Salita at Gawain ng Diyos 668
B. Paano Tratuhin ang mga Taong Nagpapakalat ng mga Kuru-kuro 673

C. Ang mga Prinsipyo at Landas Para sa Paglutas ng mga Kuru-kuro 682

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (17) 699

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikalimang Bahagi) 699

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 699

IX. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo 699

A. Kung Ano ang Pagbubulalas ng Pagkanegatibo 700

B. Ang Iba't Ibang Kalagayan at Pagpapamalas ng mga Taong Nagbubulalas ng Pagkanegatibo 703

1. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Habang Nakakaramdam ng Kawalang-Kasiyahan Tungkol sa Pagkakatanggal 703

2. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Habang Tumatangging Tumanggap ng Pagpupungos 710

3. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Kapag Napipinsala ang Reputasyon, Katayuan, at mga Interes ng Isang Tao 715

4. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Kapag Nasira ang Pagnanais ng Isang Tao na Magkamit ng mga Pagpapala 719

C. Ang mga Prinsipyo at Landas Para sa Paglutas ng Pagkanegatibo 746

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (18) 753

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikaanim na Bahagi) 753

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 753

X. Pagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis 753
A. Ang mga Pagpapamalas ng Pagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis 753
B. Ang Diwa ng Pagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis ay Pagkilos Bilang Alipin ni Satanas 756
C. Paano Tratuhin ang Walang Batayang mga Tsismis ng Gobyerno ng CCP at ng Relihiyosong Mundong Naninira at Bumabatikos sa Diyos 764
D. Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Walang Batayang mga Tsismis na Nagbibigay ng Maling Interpretasyon sa mga Salita ng Diyos at Humuhusga sa Gawain ng Diyos 781
E. Ang Pinsalang Idinudulot ng Walang Batayang mga Tsismis 790
F. Pagkilatis sa mga Taong Nagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis at ang mga Prinsipyo sa Pangangasiwa sa Kanila 795

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (19) 799
Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikapitong Bahagi) 799
Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia 799
Ang mga Prinsipyo sa Pangangasiwa sa mga Taong Nakikibahagi sa mga Di-wastong Ugnayan 799
XI. Pagmamanipula at Paggambala sa mga Halalan 803
A. Ang mga Pagpapamalas ng Pagmamanipula at Paggambala sa mga Halalan 804
B. Ang mga Prinsipyo sa Pangangasiwa sa Masasamang Tao na Nagmamanipula sa mga Halalan ng Iglesia 811
Isang Pagbubuod sa Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nagdudulot ng mga Pagkagambala at Kaguluhan 824
XII. Pagtatalakay sa Politika 832

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (20) 838
Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan

ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikawalong Bahagi) 838
Ang Tatlong Gampaning Nararapat Gampanan ng mga Lider at Manggagawa sa Loob ng Ikalabindalawang Responsabilidad 842
I. Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nagdudulot ng mga Pagkagambala at Kaguluhan 842
II. Agarang Pagpipigil at Paglilimita sa Masasamang Tao 844
III. Paglalantad sa Masasamang Gawa ng Masasamang Tao, Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos at Matuto ng mga Aral 846
Paghihimay sa mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Batay sa Ikalabindalawang Responsabilidad 853
I. Ang mga Huwad na Lider ay May Mahinang Kakayahan at Hindi Magawang Tukuyin ang mga Problema ng mga Paggambala at Panggugulo 853
II. Hindi Pinapangasiwaan ng mga Huwad na Lider ang mga Taong Nanggagambala at Nanggugulo sa Gawain ng Iglesia Nang Ayon sa mga Prinsipyo 866
III. Hindi Inilalantad at Pinipigilan ng mga Huwad na Lider ang Masasamang Tao 881

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (21) 889
Paano Tukuyin ang mga Anticristo Mula sa mga Taong May Disposisyon ng mga Anticristo 889
Pagtutukoy sa Kanila Batay sa mga Saloobin Nila sa Katotohanan 889
Pagtutukoy sa Kanila Batay sa Pagkatao Nila 891
Pagtutukoy sa Kanila Batay sa Kung Tunay Ba Silang Nagsisisi o Hindi 893
Isang Pagbubuod sa mga Pagkakaiba sa Pagitan ng mga Anticristo at ng mga Taong May Disposisyon ng mga Anticristo 896
Ikalabintatlong Aytem: Protektahan ang Hinirang na mga Tao ng Diyos Mula sa Panggugulo, Panlilihis, Kontrol, at Lubhang Pamiminsala ng mga Anticristo, at Bigyan Sila ng Kakayahan na Kilatisin ang mga Anticristo at Talikuran ang mga Ito Mula sa Puso Nila 903

Ang Ilang Gampaning Dapat Gampanan ng mga Lider at Manggagawa Kapag Natukoy na Ginugulo ng mga Anticristo ang Iglesia 903
I. Paglalantad 905
II. Pagpupungos 908
III. Paghihimay 909
IV. Paglilimita 911
V. Pagsusubaybay 911
VI. Pagpapatalsik 915
Ang mga Pagpapamalas na Ipinapakita ng mga Huwad na Lider Kapag Nagdudulot ng mga Kaguluhan ang mga Anticristo 917
I. Hindi Paglalantad at Pangangasiwa sa mga Anticristo Dahil sa Takot na Mapasama ang Loob ng mga Ito 918
II. Kawalan ng Kakayahang Kilatisin ang mga Anticristo 924
III. Pagkilos Bilang Proteksiyon ng mga Anticristo 929
IV. Hindi Pagmamalasakit o Hindi Pagtatanong Tungkol sa mga Taong Nailihis ng mga Anticristo 932
Karagdagang Nilalaman: Pagsagot sa mga Katanungan 938
Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (22) 944
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Unang Bahagi) 945
Kung Ano ang Isang Iglesia 946
I. Ilang Pagkaunawa sa Isang Iglesia 946
II. Ang Kahalagahan ng Pag-iral ng Isang Iglesia at ang Gawaing Ginagawa Nito 948
III. Ang Depinisyon ng Isang Iglesia 957
IV. Ang mga Kuru-kuro at Pananaw na Kinikimkim ng mga Tao Tungkol sa Iglesia 966
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 969
I. Batay sa Layon ng Isang Tao sa Pananampalataya sa Diyos 970
A. Para Tugunan ang Pagnanais ng Isang Tao na Maging Isang Opisyal 971
B. Para Hanapin ang Kasalungat na Kasarian 975
C. Para Makaiwas sa mga Sakuna 977

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (23) 982
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikalawang Bahagi) 982
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 983
I. Batay sa Layon ng Isang Tao sa Pananampalataya sa Diyos 983
D. Para Makibahagi sa Oportunismo 983
E. Para Maging Palamunin ng Iglesia 996
F. Para Maghanap ng Kanlungan 1003
G. Para Maghanap ng Tagasuporta 1007
H. Para Hangarin ang mga Pampolitikang Pakay 1015

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (24) 1022
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikatlong Bahagi) 1022
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 1022
I. Batay sa Layon ng Isang Tao sa Pananampalataya sa Diyos 1022
I. Para Magmanman sa Iglesia 1027
II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao 1042
A. Pagkahilig na Mambaluktot ng mga Katunayan at Kasinungalingan 1043
B. Pagkahilig na Manamantala 1052

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (25) 1064
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikaapat na Bahagi) 1064
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 1064
II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao 1066
C. Pagiging Bulagsak at Walang Pagpipigil 1066
D. Pagiging Mahilig sa Paghihiganti 1080
E. Hindi Magawang Makontrol ang Sariling Dila 1095

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (26) 1112
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikalimang Bahagi) 1112

Ang Saloobin na Dapat Taglayin ng mga Lider at Manggagawa sa Gawain ng Pag-aalis Mula sa Iglesia 1112
Ang mga Pagpapamalas at Kalalabasan ng Tatlong Uri ng mga Taong Nananampalataya sa Diyos 1116
I. Mga Trabahador 1116
II. Mga Tao ng Diyos 1125
III. Mga Upahang Manggagawa 1130
IV. Ang Iba't Ibang Kalalabasan ng Tatlong Uri ng mga Taong Ito 1143
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 1145
II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao 1145
F. Pagiging Hindi Makatwiran at Sadyang Mapanggulo, Nang Walang Sinumang Naglalakas-loob na Galitin Sila 1147
G. Ang Palagiang Pakikibahagi sa Mahahalay na Aktibidad 1156

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (27) 1163
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikaanim na Bahagi) 1165
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 1165
II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao 1165
H. Pagkakaroon ng Kakayahang Magkanulo Anumang Oras 1165
I. Pagkakaroon ng Kakayahang Umalis Anumang Oras 1179
J. Pag-aalinlangan 1194

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (28) 1211
Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikapitong Bahagi) 1211
Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao 1212
II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao 1212
J. Pag-aalinlangan 1212
K. Pagiging Duwag at Mapaghinala 1217
L. Pagiging Mahilig Maghanap ng Gulo 1232
M. Pagkakaroon ng Isang Komplikadong Pinagmulan 1243
III. Batay sa Saloobing Mayroon ang Isang Tao Habang Ginagampanan ang Kanyang Tungkulin 1255

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (29) 1256
Ikalabinlimang Aytem: Protektahan ang Iba't Ibang Mahalagang Tauhan sa Gawain, Pinangangalagaan Sila Mula sa mga Pang-aabala ng Mundong Nasa Labas, at Panatilihin Silang Ligtas Upang Matiyak na Makauusad Nang May Kaayusan ang Iba't Ibang Mahalagang Aytem ng Gawain 1256
Ang Saklaw ng Mahahalagang Tauhan sa Gawain 1257
Pangangalaga sa Mahahalagang Tauhan sa Gawain mula sa Pang-aabala ng Mundong Nasa Labas 1261
I. Mga Kinakailangang Pangkaligtasan Para sa mga Pamilyang Nagpapatuloy sa Bahay 1261
II. Mga Kinakailangan Para sa Kapaligiran sa Lugar ng Paninirahan 1264
III. Paano Dapat Gawin ng mga Lider at Manggagawa ang Gawain ng Pagsasaayos sa Tirahan Para sa mga Tauhan 1268
Pagpapanatiling Ligtas sa Mahahalagang Tauhan sa Gawain 1276
I. Paano Tiyakin ang Pananatiling Ligtas ng Hinirang na mga Tao ng Diyos sa mga Bansa Kung Saan Inuusig ang Pananalig 1276
II. Paano Tiyakin ang Pananatiling Ligtas ng Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Iba't Ibang Dayuhang Bansa 1281
A. Ang Pagpoproseso sa Legal na Katayuan ng Hinirang na mga Tao ng Diyos 1281
B. Pagbibigay sa Lahat ng Kapatid ng Batayang Legal na Kaalaman 1288
C. Mga Prinsipyong Dapat Sundin Kapag Nagpapadala ng mga Tao Para Mangaral ng Ebanghelyo 1292
III. Paano Pangasiwaan ang mga Lider at Manggagawa na Hindi Binibigyang-pansin ang Gawaing Pangkaligtasan 1298

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (1)

Bakit Kinakailangang Kilatisin ang mga Huwad na Lider

Ngayong natapos na nating pagbahaginan ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, pagbabahaginan naman natin ngayon ang isang bagong paksa—ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider. Sa mga taon na ito ng pananampalataya sa Diyos, naharap na kayo sa lahat ng uri ng mga pagpapamalas at pagsasagawa ng mga huwad na lider. Sa proseso ng pagtatanggal ng sambahayan ng Diyos sa mga huwad na lider sa lahat ng antas, karamihan ng mga tao ay nagkakamit ng kaunting pagkakilala sa mga huwad na lider; ibig sabihin, karamihan ng mga tao ay may kaunting pagkaunawa sa ilang partikular na pagpapamalas ng mga huwad na lider. Pero anuman ang pag-arok mo o gaano man karami ang nauunawaan mo, sa huli ay hindi ito sapat na sistematiko o partikular. Sa panahon ng mga halalan sa iglesia, maraming taong hindi nakakaunawa sa mga prinsipyo ng paghahalal ng mga lider, kung anong uri ng tao ang pipiliin bilang lider at kung anong uri ng tao, bilang lider, ang makakapagdala sa mga kapatid sa realidad ng mga salita ng Diyos, at ang pasok sa pamantayan bilang lider. Wala silang masyadong kamalayan o hindi masyadong malinaw sa kanila ang mga bagay na ito. May ilang tao pa ngang magulo ang isip at walang pagkilatis na tahasang naghahalal ng mga huwad na lider sa panahon ng mga halalan, pinipili ang sinumang parang huwad na lider habang bulag sa sinumang tunay na kalipikado at kayang maging isang lider, na may kakayahan at pagkatao ng isang lider. Ang mga taong wala naman talagang kakayahan at pagkatao para maging mga lider ay nahahalal dahil sa panlabas na sigasig o ilang magandang pag-uugali nila, at dahil tumutugma sila sa mga kuru-kuro ng mga tao tungkol sa pagiging "mabuti," habang ang mga taong talagang nagtataglay ng lahat ng kalipikasyon para mamuno ay hindi kailanman nahahalal. Ang mga taong naghahangad ng kasikatan at masigasig na gumugugol ng kanilang sarili—pero walang anumang kapabilidad sa gawain—ay palaging makikita sa lahat ng uri ng kapaligiran, mukhang masyadong aktibo, at iisipin ng karamihan ng mga tao na kalipikado at dapat mahalal ang ganitong klase ng tao. Ang resulta, pagkatapos mahalal ang ganoong mga tao, hindi nila kayang magpasan ng anumang gawain. Ni hindi nga nila magawang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng ang Itaas, at hindi rin nila alam kung paano. Kahit na palagi silang buong-sigasig na nagpapakaabala, pagkatapos mamuno sa loob ng ilang panahon ay walang pagbuti at kaunti ang pag-usad ng alinman sa gawain ng iglesia, at madalas na nagkakaroon ng mga sitwasyon kung saan magulo ang gawain ng iglesia o hindi nagkakaisa ang mga tao, dahil sa panggugulo o pang-aagaw ng kapangyarihan ng masasamang tao. Ito ang mga bungang dulot ng gawain ng mga huwad na lider. Pagkatapos mahalal ang isang huwad na lider, bukod sa maiimpluwensiyahan at magdurusa ang buhay pagpasok ng mga kapatid, kasabay

niyon ay negatibo pang maaapektuhan ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, kaya hindi maisasagawa nang maayos o epektibo ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Isa itong problemang bahagyang dulot ng mismong mga huwad na lider, pero bahagya rin itong may kaugnayan sa mga taong naghalal sa kanila. Kung hindi mo nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, wala kang pagkilatis, at bulag ka at hindi mo makita ang totoo sa mga tao kaya humahantong ka sa paghahalal ng isang huwad na lider, hindi lang ang sarili mo at ang iba ang pinipinsala mo, nagdurusa rin ang gawain ng iglesia. Ito ang epekto at pinsalang dulot ng mga huwad na lider sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos at sa gawain ng iglesia. Samakatwid, dapat nating kilatisin at isa-isang banggitin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider, at batay roon ay bibigyang-daan Ko kayong maunawaan kung aling mga pag-uugali ang dapat na ipakita ng isang lider na pasok sa pamantayan, kung anong gawain ang dapat niyang gawin, at kung ano mismo ang saklaw ng mga responsabilidad niya. Napakahalaga ng paksa ng pagkilatis sa mga huwad na lider, dahil tinatalakay nito ang gawain ng iglesia, ang buhay pagpasok ng bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos, at lalo na, kung paano umuusad ang bawat tungkulin. Puwedeng sabihin ng ilan: "Wala akong layuning tumakbo sa halalan, ni anumang ambisyon o kagustuhang maging lider o manggagawa. May kamalayan ako sa sarili, at sapat nang maging pangkaraniwang mananampalataya, kaya walang kinalaman sa akin ang aspektong ito ng mga katotohanang prinsipyo. Kung gusto kong makinig, makikinig ako sa bagay na tungkol sa sarili kong buhay pagpasok at kaligtasan. Walang kinalaman sa sarili kong buhay pagpasok ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider at ang mga katotohanang nakapaloob doon, kaya hindi ko kailangang makinig, o puwede akong makinig nang lumilipad ang isip o wala sa loob at basta lang dumaan sa proseso nang hindi ito isinasapuso." Isa ba itong magandang saloobin? (Hindi magandang saloobin ito.) Sinasabi ng iba: "Wala akong ambisyon, at ayaw kong tumakbo bilang lider. Mula pa noong bata ako, hindi ko kailanman nilayong maging isang opisyal o mamukod-tangi sa iba, gusto ko lang maging isang karaniwan at ordinaryong tao. Ginusto ko nang maging tagasunod mula pa noong magsimula akong sumampalataya sa Diyos. Gusto kong sinusunod ang mga utos ng iba, at ginagawa ko ang anumang ipinagagawa nila sa akin. Napakasimpleng maging ganitong uri ng tao! Isa lang akong simpleng taong ayaw mag-alala o magkaroon ng pasanin, kaya hindi ko kailangang pakinggan ang mga bagay na ito, at ayaw ko rin." Tama ba ang pananaw na ito o hindi? (Hindi ito tama.) Ano ang hindi tama rito? (Kahit na ayaw nilang maging lider, kung hindi nila nauunawaan ang aspektong ito ng katotohanan at hindi nila kayang kilatisin ang mga huwad na lider, sa panahon ng mga halalan, malamang na malamang na pipili sila ng isang huwad na lider, na makakaapekto sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos.) Isang aspekto ito. May iba pa ba? (Umiiral sa bawat isa sa atin ang problema ng mga huwad na lider, at dapat nating suriin, pagnilayan, at unawain ang sarili natin.) (Kung hindi natin kayang kilatisin ang mga huwad na lider, ni hindi natin

malalaman kapag nailihis na tayo ng isa, at magdurusa ang sariling buhay natin.) (Ang ganitong uri ng pananaw ay isang pagpapamalas ng hindi paghahangad sa katotohanan. Ang pagiging lider sa sambahayan ng Diyos ay hindi tulad ng pagiging ambisyoso at pagnanais na maging opisyal sa mundo. Ang pagiging lider ay paghahangad sa katotohanan nang mas mabuti, pagdadala ng pasanin para sa gawain ng iglesia, at pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos. Pagsisikap ito tungo sa katotohanan.) (Bilang isa sa hinirang na mga tao ng Diyos, may obligasyon at responsabilidad tayong mag-ulat ng mga huwad na lider. Kung hindi natin kayang kilatisin ang mga huwad na lider, mahahayaan natin ang isang huwad na lider na makakuha ng kapangyarihan at makaapekto sa gawain ng iglesia.) Ilang aspekto iyon? (Limang aspekto.) Ang bawat isa sa limang aspektong ito ay tama, at tumpak na tumpak. Kung hihimayin ang diwa ng problemang ito batay sa pananaw ng uri ng taong binanggit Ko, sa esensiya ay may limang aspektong ito. Gusto mo mang maging lider o hindi, bilang isa sa hinirang na mga tao ng Diyos, dapat mong akuin ang posisyon ng tagasubaybay sa mga lider at manggagawa. Ang sambahayan ng Diyos ay sambahayan mo rin, at ang isang lider ay parang isang munting tagapangalaga ng bahay. Kung hindi niya pinamamahalaan nang maayos ang mga bagay-bagay, maaapektuhan at madadamay ka rin, kaya may responsabilidad at obligasyon kang subaybayan ang lahat ng gawain niya.

Isang Buod ng Labinlimang Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa

Hindi mahirap kilatisin ang mga huwad na lider, dahil ang ganitong uri ng tao ay karaniwan na sa loob ng iglesia; umiiral na sila magmula pa noong umiral na ang mga lider ng iglesia at ang gawain ng iglesia. Ang kakayahan at abilidad na makaarok, karakter at piniling landas nila ay pawang maraming tiyak na pagpapamalas. Bago himayin ang mga tiyak na pagpapamalas na ito, dapat muna nating maunawaan kung ano ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at kung anong partikular na gawain ang pangunahing kaakibat nito. Tanging ang mga taong kayang gawin nang maayos ang partikular na gawaing ito ang mga pasok sa pamantayan bilang lider at manggagawa; ang mga taong hindi kaya ang gawaing ito ay mga huwad na lider. Siguro karamihan ng mga tao ay wala pa ring paraan para kumilatis ng mga huwad na lider, hindi makaarok sa mga pangunahing prinsipyo at hindi alam kung aling mga aspekto ang pinakakritikal na kilatisin. Ngayon, sistematiko muna nating pagbahaginan kung ano ba mismo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, isa-isa nating ilista ang mga iyon para malinaw na malaman ng lahat. Pagkatapos maunawaan ang mga prinsipyong ito, kapag muling naghahalal ng mga lider at manggagawa, magkakaroon na kayo ng tumpak na pamantayan para sukatin kung paano ba talaga maghalal at kung sino ba talaga ang tamang taong ihahalal. Kaya, ilista muna natin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa:

1. Akayin ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at unawain ang mga ito, at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.
2. Maging pamilyar sa mga kalagayan ng bawat uri ng tao, at lutasin ang iba't ibang paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok na nararanasan nila sa tunay nilang buhay.
3. Ibahagi ang mga katotohanang prinsipyo na dapat maunawaan para magampanan nang maayos ang bawat tungkulin.
4. Alamin palagi ang sitwasyon ng mga superbisor ng iba't ibang gawain at ng mga tauhan na responsable sa iba't ibang mahalagang trabaho, at agad na iayos ang tungkulin nila o tanggalin sila kung kinakailangan, para maiwasan o mabawasan ang mga kawalan na dulot ng paggamit sa mga taong hindi angkop, at matiyak ang kahusayan at maayos na pag-usad ng gawain.
5. Panatilihing mayroong napapanahong pagka-arok at pang-unawa tungkol sa estado at pag-usad ng bawat aytem ng gawain, at magawang agarang lutasin ang mga problema, itama ang mga paglihis, at remedyuhan ang mga kapintasan sa gawain nang sa gayon ay maayos itong makausad.
6. Iangat at linangin ang lahat ng uri ng kalipikadong talento upang ang lahat ng naghahangad ng katotohanan ay magkaroon ng pagkakataon na magsanay at pumasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon.
7. Magtalaga at gumamit ng iba't ibang uri ng tao nang makatwiran, batay sa kanilang pagkatao at mga kalakasan, upang ang bawat isa ay magamit sa pinakamainam na paraan.
8. Agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain.
9. Tumpak na ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang iba't ibang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos alinsunod sa mga hinihingi nito, magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad sa mga ito.
10. Maayos na pangalagaan at makatwirang ilaan ang iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos (mga aklat, iba't ibang kagamitan, pagkaing butil, at iba pa), at magsagawa ng mga regular na inspeksiyon, pagmementena, at pagkukumpuni upang mabawasan ang pagkasira at pagkasayang; gayundin, iwasang angkinin ng masasamang tao ang mga ito.
11. Pumili ng mga maaasahang taong may pagkataong pasok sa pamantayan lalo na para sa gampanin ng sistematikong pagrerehistro, pagbibilang, at pangangalaga ng mga handog; regular na suriin at tingnan kung tama ba ang mga papasok at papalabas nang sa gayon ang mga kaso ng paglulustay o pagwawaldas, pati na ang mga hindi makatwirang paggastos, ay matukoy kaagad—ipatigil ang gayong mga bagay at humingi ng makatwirang kabayaran; dagdag pa rito, iwasan, sa anumang paraan, na mapasakamay at makuha ng masasamang tao ang mga handog.

12. Agaran at tumpak na tukuyin ang iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon.
13. Protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo, at bigyan sila ng kakayahan na kilatisin ang mga anticristo at talikuran ang mga ito mula sa puso nila.
14. Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo.
15. Protektahan ang iba’t ibang mahalagang tauhan sa gawain, pinangangalagaan sila mula sa mga pang-aabala ng mundong nasa labas, at panatilihin silang ligtas upang matiyak na makauusad nang may kaayusan ang iba’t ibang mahalagang aytem ng gawain.

Naibuod na ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa sa labinlimang aytem sa kabuuan, at magbabahaginan tayo batay sa mga ito. Tingnan muna natin ang bawat gampanin sa labinlimang aytem na ito. Ang unang tatlo ay tumatalakay sa isyu ng pag-unawa ng mga tao sa katotohanan, at buhay pagpasok. Ito ang pinakapangunahing gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa, at isa sa mga pangunahing kategorya. Bilang isang lider o manggagawa, pinakapangunahin mong dapat magampanan ang mga gampaning ito, taglayin ang ganitong uri ng kakayahan, magkaroon ng ganitong uri ng pasanin, at magawang pasanin ang responsabilidad na ito. Ito ang mga pinakapangunahing bagay na dapat mong taglayin. Ang mga lider at manggagawa ay dapat na makapagbahagi tungkol sa mga salita ng Diyos, mula sa mga iyon ay maghanap ng landas ng pagsasagawa, akayin ang mga tao na maunawaan ang mga salita ng Diyos, at akayin ang mga tao na maranasan at makapasok sa mga salita ng Diyos sa tunay na buhay at madala ang mga ito sa tunay na buhay, gamitin ang mga ito para lutasin ang iba’t ibang problema o paghihirap na kinakaharap sa tunay na buhay at sa proseso ng paggawa sa tungkulin nila. Kung ang hinirang na mga tao ng Diyos ay may mga problemang kailangang lutasin ng isang lider o manggagawa, pero hindi kayang gamitin ng lider o manggagawa ang katotohanan para lutasin ang mga problema, walang pakinabang ang lider o manggagawang iyon, walang kakayahang gawin kahit ang pinakasimpleng gawain. Hindi pasok sa pamantayan ang ganitong uri ng lider o manggagawa. Ang pang-apat at panlimang mga aytem ay nauugnay sa iba’t ibang aytem ng gawain ng iglesia at sa mga superbisor ng mga aytem na iyon ng gawain. Kung hindi pangangasiwaan nang maayos ng mga lider at manggagawa ang mga superbisor, puwedeng magulo o maabala ng masasamang tao ang gawain ng iglesia, maiimpluwensiyahan nito ang pagiging epektibo at pag-usad ng gawain, at puwede pa ngang maparalisa ang mismong gawain. Samakatwid, ang pang-apat at panlimang gampanin ay iyong mga gampanin din na dapat

gawin nang maayos ng isang lider na pasok sa pamantayan. Ang pang-anim at pampitong mga aytem ay tumutukoy sa pag-aangat, paglilinang, at paggamit sa lahat ng uri ng tao. Ang prinsipyo ng paggamit sa mga tao ay ang gamitin ang lahat ng tao sa pinakakapaki-pakinabang na paraan, at puwedeng gampanan ng lahat ng uri ng tao ang tungkulin nila basta't pasok sa pamantayan ang pagkatao nila at kaya nilang tugunan ang mga hinihinging pamantayan ng sambahayan ng Diyos. Ibig sabihin, pahintulutan ang lahat ng uri ng tao na makagawa ng mga angkop na tungkulin; hindi kailangang pilitin ang isda na mamuhay sa lupa, o pilitin ang mga baboy na lumipad, sapat nang angkop ang isang tao para sa isang gampanin, kaya niya itong gawin nang maayos, at mahusay siya. Higit pa rito, may ilang gampanin na may mga aspektong teknikal at propesyonal, at puwedeng magaling sa mga iyon ang ilang tao pero hindi pa talaga sila nakagagawa ng anumang gawain sa ganitong larangan, ni nauunawaan nila ang mga nauugnay na prinsipyo. Para sa mga taong ito, kung naaabot nila ang pamantayan para sa pag-aangat at paglilinang sa sambahayan ng Diyos, dapat silang mabigyan ng pagkakataon at maiangat at malinang, para matuto sila. Sa ganitong paraan, puwedeng mas dumami pa ang mga angkop na taong aako sa iba't ibang gampanin sa sambahayan ng Diyos, at walang mababakante sa tuwing kakailanganin ng iglesia ng mga tao para sa iba't ibang gampanin. Mga isyu ito ng dalawang aspekto ng pag-aangat at paglilinang sa mga tao, at paggamit sa mga tao. Tingnan natin ang pangwalo at pansiyam na aytem: Tinatalakay ng dalawang aytem na ito ang saloobin ng mga lider at manggagawa sa pagharap sa gawain, ibig sabihin, kung sila ba ay kayang tumupad sa mga responsabilidad nila, may katapatan, at may abilidad na maging mahusay sa pagtrato sa mga hinihingi ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos at habang nakararanas ng mga paghihirap sa gawain. Ang pansampu at panlabing-isang mga aytem ay tumatalakay sa mga prinsipyo sa likod ng pagtrato sa mga handog at sa lahat ng uri ng pag-aari sa sambahayan ng Diyos. Sa isang banda, tinatalakay ng dalawang aytem na ito ang kakayahan at kapabilidad sa gawain ng mga tao, at sa isa pang banda ay tinatalakay ng mga ito ang mga isyu ng pagkatao, kung may katapatan ba ang isang tao, at kung kaya ba niyang tuparin ang mga responsabilidad niya. Sunod naman ay tingnan natin ang panlabindalawa, panlabintatlo, at panlabing-apat na aytem, tungkol sa ilang pambihirang sitwasyong nangyayari sa iglesia—halimbawa, kung may nanggagambala at nanggugulo, at nakaaabala sa normal na buhay ng iglesia. Siyempre, ang pinakamalubha ay ang paglitaw ng mga anticristo o iba pang uri ng taong dapat paalisin o patalsikin. Kung paano haharapin ang ganitong mga uri ng tao, at sa anong mga prinsipyo, ay gawain din na saklaw ng responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang agad na matuklasan ang mga problema, at, kapag nalaman mong may nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, agad itong mapigilan, maharap, at malutas, at masigurong hindi nagugulo ang gawain ng iglesia at ang buhay iglesia—ito ang mga isyung tinatalakay ng tatlong aytem na ito. Ang panghuling aytem ay tumatalakay sa isyu ng personal na kaligtasan ng lahat ng uri ng mahahalagang tauhan sa gawain, pati na ang isyu kung magagarantiyahan ba ang lahat ng uri ng mahalagang gawain. Makakausad ang gawain kung ligtas ang mga tauhan, pero

kung magkakaroon ng mga problema o nakatagong panganib sa kaligtasan ng mga tauhan, magiging isyu kung makakausad ba ang gawain o hindi. Magbalik-tanaw tayo at tingnan natin kung ilan lahat ang mga pangunahing kategorya. Ang una, pangalawa, at pangatlong mga aytem ay nabibilang sa unang kategorya: ang buhay pagpasok ng tao. Ang pang-apat at panlima ay nabibilang sa pangalawa: ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia at ang mga superbisor ng mga aytem na iyon ng gawain. Ang pang-anim at pampito ay nabibilang sa pangatlo: ang paggamit, paglilinang, at pag-aangat sa lahat ng uri ng tao. Ang pangwalo at pansiyam ay nabibilang sa pang-apat: ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos at mga paghihirap sa gawain. Ang pansampu at panlabing-isa ay nabibilang sa panlima: ang mga handog at pag-aari ng sambahayan ng Diyos. Ang panlabindalawa, panlabintatlo, at panlabing-apat ay nabibilang sa pang-anim: ang mga pambihirang sitwasyong nangyayari sa iglesia. Ang panlabinlima ay nabibilang sa pampito: ang mahalagang gawain ng iglesia at ang kaligtasan ng mga tauhan. May pitong kategorya sa kabuuan, na may nakapaloob na labinlimang aytem. Ang pitong kategoryang ito ay saklaw ng responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at bahagi ng trabaho nila. Bilang isang lider o manggagawa, ang pitong kategoryang ito ang mga pinakapangunahing gampanin mo sa trabaho, at ang pitong kategoryang ito ang saklaw ng mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa isang lider o manggagawa. Kung gusto nating sukatin kung kaya bang magtrabaho nang maayos ng isang lider, kung mayroon ba siyang kapabilidad sa gawain, kung nagtataglay ba siya ng kakayahang maging isang lider, at kung pasok ba siya sa pamantayan bilang lider, dapat nating gamitin ang pitong kategoryang ito. Matapos itong maunawaan, batay sa pitong pangunahing kategoryang ito, isa-isa nating pagbabahaginan at hihimayin ang mga pagpapamalas at partikular na pagsasagawa ng mga huwad na lider, pati na ang mga nagawa nila noong panahon nila bilang lider na nagpapatunay na mga huwad na lider sila at mga hindi pasok sa pamantayan. Kapag sinukat ayon sa pitong kategoryang ito, may matibay na ebidensiya, at medyo makatarungan at makatwiran ito. Sabihin ninyo sa Akin, dapat ba nating isa-isang pagbahaginan ang pitong kategoryang ito, o ang labinlimang aytem? Aling paraan ang mas maganda? (Isa-isang pagbahaginan ang labinlimang aytem.) Nababagay iyan sa kagustuhan ninyo—mas detalyado, mas maganda, hindi ba? Susunod, pormal nating sisimulan ang pagbabahaginan natin sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider.

Unang Aytem: Akayin ang mga Tao na Kumain at Uminom ng mga Salita ng Diyos at Unawain ang mga Ito, at Pumasok sa Realidad ng mga Salita ng Diyos

Hindi Taglay ng mga Huwad na Lider ang Kakayahan at Abilidad na Arukin ang mga Salita ng Diyos

Ano ba ang isang huwad na lider? Tiyak na isa itong tao na hindi kayang gumawa ng aktuwal na gawain, isang tao na hindi nag-aasikaso sa kanyang mga tungkulin bilang

isang lider. Hindi siya gumagawa ng anumang tunay o kritikal na gawain; nag-aasikaso lang siya ng ilang pangkalahatang gawain at ng ilang paimbabaw na gampanin, mga bagay na walang kinalaman sa buhay pagpasok o sa katotohanan. Gaano man karami ang ginagawa niya sa gawaing ito, walang halaga ang paggampan nito. Iyon ang dahilan kung bakit ang gayong mga lider ay itinuturing na huwad. Kaya paano ba talaga makikilatis ng isang tao ang isang huwad na lider? Simulan na natin ngayon ang ating paghihimay. Kailangan munang maging malinaw na ang unang responsabilidad ng isang lider o manggagawa ay ang akayin ang iba sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at makipagbahaginan sa katotohanan sa paraan na mauunawaan ito ng iba at makapapasok sila sa katotohanang realidad. Ito ang pinakamahalagang batayan para suriin kung ang isang lider ay tunay o huwad. Tingnan ninyo kung kaya niyang akayin ang iba sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at pag-unawa sa katotohanan, at kung kaya niyang gamitin ang katotohanan para lumutas ng mga problema. Iyon ang tanging batayan para masuri kung ano ang kakayahan at abilidad na mayroon ang isang lider o manggagawa sa pag-arok sa mga salita ng Diyos, at kung kaya niyang akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos na pumasok sa katotohanang realidad. Kung ang isang lider o manggagawa ay may kakayahan na maarok ang mga salita ng Diyos at maunawaan ang katotohanan, dapat niyang lutasin ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao tungkol sa pananalig sa Diyos alinsunod sa mga salita ng Diyos, at tulungan ang mga taong maunawaan ang pagiging praktikal ng gawain ng Diyos. Dapat din niyang lutasin ang mga aktuwal na paghihirap na hinaharap ng hinirang na mga tao ng Diyos alinsunod sa Kanyang mga salita, lalo na pagdating sa mga maling pananaw nila sa kanilang pananalig o mga maling pagkaunawa nila tungkol sa paggawa sa isang tungkulin. Kailangan din niyang gamitin ang mga salita ng Diyos para lutasin ang mga problemang nagpapamalas kapag humaharap ang mga tao sa iba’t ibang pagsubok at kapighatian, at maakay ang hinirang na mga tao ng Diyos na maunawaan at maisagawa ang katotohanan, at makapasok sa realidad ng Kanyang salita. Kasabay nito, dapat niyang himayin ang iba’t ibang tiwaling disposisyon ng mga tao batay sa mga tiwaling kalagayang nabubunyag sa mga salita ng Diyos, upang makita ng hinirang na mga tao ng Diyos kung alin sa mga ito ang naaangkop sa kanila, magtamo ng pagkakilala sa kanilang sarili at kamuhian si Satanas at maghimagsik laban dito, para matulutan ang hinirang na mga tao ng Diyos na manindigan sa kanilang patotoo, talunin si Satanas, at luwalhatiin ang Diyos sa gitna ng lahat ng uri ng pagsubok. Ito ang gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Ito ang pinakapangunahin, pinakakritikal, at pinakamahalagang gawain ng iglesia. Kung ang mga taong nagsisilbi bilang mga lider ay may abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos at may kakayahang unawain ang katotohanan, hindi lang nila magagawang unawain ang mga salita ng Diyos at pumasok sa realidad ng mga iyon, magagawa rin nilang gumabay, umakay, at tumulong sa mga inaakay nila tungo sa isang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos at pagpasok sa realidad ng mga ito. Pero ang kakayahang maarok ang mga salita ng Diyos at maunawaan ang

katotohanan ang mismong wala sa mga huwad na lider. Hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos, hindi nila alam ang mga tiwaling disposisyon na ibinubunyag ng mga tao sa iba't ibang sitwasyon na nalalantad sa Kanyang mga salita, o kung aling mga kalagayan ang nagbubunga ng paglaban, pagrereklamo, at pagkakanulo sa Diyos, at iba pa. Ang mga huwad na lider ay hindi nakakapagnilay-nilay sa kanilang sarili o hindi nila naiuugnay ang mga salita ng Diyos sa kanilang sarili, nauunawaan lang nila ang kaunting doktrina at kaunting regulasyon mula sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos. Kapag nakikipagbahaginan sila sa iba, bumibigkas lang sila ng ilang salita Niya, tapos ay ipinaliliwanag ang literal na kahulugan ng mga ito. At sa paggawa niyon, akala nila ay nakikipagbahaginan na sila sa katotohanan at gumagawa ng aktuwal na gawain. Kung kaya ng isang taong magbasa at magbigkas ng mga salita ng Diyos katulad ng ginagawa nila, iisipin nila na iyon ay isang taong nagmamahal at nakauunawa sa katotohanan. Nauunawaan lang ng isang huwad na lider ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos; sa esensiya ay hindi niya nauunawaan ang katotohanan sa mga salita ng Diyos, kaya hindi niya kayang talakayin ang kanyang mga kaalaman batay sa karanasan tungkol sa mga ito. Ang mga huwad na lider ay walang abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos; kaya lang nilang maunawaan ang paimbabaw na kahulugan ng mga ito, pero naniniwala sila na iyon ang pag-arok sa Kanyang mga salita at pag-unawa sa katotohanan. Sa pang-araw-araw na buhay, palagi nilang binibigyan ng interpretasyon ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos para payuhan at tulungan ang iba, naniniwala sila na sa paggawa niyon ay gumagawa sila ng gawain, at na inaakay nila ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at pumasok sa realidad ng mga ito. Ang katunayan, kahit na madalas makipagbahaginan nang ganito ang mga huwad na lider sa iba tungkol sa mga salita ng Diyos, hindi nila kayang lutasin ang pinakamaliit na totoong problema, at naiiwan ang hinirang na mga tao ng Diyos na hindi maisagawa o maranasan ang Kanyang mga salita. Gaano man sila kadalas na dumalo sa mga pagtitipon o kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, hindi pa rin nila nauunawaan ang katotohanan, wala pa rin silang buhay pagpasok, at wala sa kanila ang kayang magtalakay tungkol sa kanilang mga kaalaman batay sa karanasan. Kahit na may masasamang tao at mga hindi mananampalataya na nagdudulot ng mga pagkagambala sa iglesia, walang sinumang kayang makakilatis sa kanila. Kapag nakakikita ang isang huwad na lider ng isang hindi mananampalataya o ng isang masamang tao na nagdudulot ng pagkagambala, hindi siya gumagamit ng pagkilatis, bagkus ay nagbibigay siya ng kanyang pagmamahal at payo sa taong iyon, hinihiling sa iba na maging mapagpaubaya at mapagpasensiya sa taong iyon, pinagbibigyan ito habang patuloy itong nagdudulot ng mga pagkagambala sa iglesia. Dahil dito, labis na walang ibinubunga ang bawat aytem ng gawain ng iglesia. Ito ang kahihinatnan ng pagkabigo ng isang huwad na lider na gumawa ng aktuwal na gawain. Hindi kayang gamitin ng mga huwad na lider ang katotohanan para lumutas ng mga problema, na sapat na nagpapakita na hindi nila taglay ang katotohanang realidad. Kapag nagsasalita

sila, naglilitanya lang sila ng mga salita at doktrina, at ang tanging sinasabi nila sa iba na dapat isagawa ay mga doktrina at regulasyon. Halimbawa, kapag nagkakaroon ang isang tao ng maling pagkaunawa sa Diyos, sasabihin sa kanya ng mga huwad na lider, “Naipaliwanag na ito lahat ng mga salita ng Diyos: Anuman ang ginagawa ng Diyos, pagliligtas ito sa tao, pagmamahal ito. Tingnan mo kung gaano kalinaw, kung gaano kahayag ang Kanyang mga salita. Paanong mali pa rin ang pagkaunawa mo sa Kanya?” Ito ang uri ng tagubilin na ibinibigay ng mga huwad na lider sa mga tao. Naglilitanya sila ng mga salita at doktrina para manghikayat sa mga tao, pigilan sila, at pasunurin sila sa mga regulasyon. Kahit kaunti ay hindi ito epektibo, at hindi ito makalulutas ng anumang problema. Ang mga huwad na lider ay makakapagsalita lang ng mga salita at doktrina para gabayan ang mga tao, na nagiging dahilan para isipin ng mga tao na ang kakayahang magsalita ng mga doktrina ay nangangahulugang nakapasok na sila sa mga katotohanang realidad. Gayumpaman, kapag sumapit ang isang paghihirap sa kanila, hindi nila alam kung paano magsasagawa, wala silang landas, at ang lahat ng salita at doktrinang naunawaan nila ay nawawalan ng saysay. Ano ang ipinakikita nito? Ipinakikita nito na hindi talaga kapaki-pakinabang o mahalaga ang pag-unawa sa mga doktrina. Ang nauunawaan lang ng mga huwad na lider ay doktrina. Hindi nila kayang makipagbahaginan sa katotohanan para lumutas ng mga problema; walang mga prinsipyo sa kanilang mga kilos, at sa kanilang buhay ay sumusunod lang sila sa ilang regulasyon na sa tingin nila ay mabuti. Ang gayong mga tao ay hindi nagtataglay ng mga katotohanang realidad. Iyon ang dahilan kung bakit, kapag inaakay ng mga huwad na lider ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, walang nagiging tunay na epekto. Nagagawa lang nilang ipaunawa sa mga tao ang literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos, at hindi nila natutulungan ang mga tao na magkamit ng kaliwanagan mula sa mga salita ng Diyos o maunawaan kung anong uri ng mga tiwaling disposisyon ang mayroon sila. Hindi nauunawaan ng mga huwad na lider kung ano ang kalagayan ng mga tao o kung anong disposisyong diwa ang ibinubunyag ng mga tao sa harap ng anumang partikular na sitwasyon, kung alin sa mga salita ng Diyos ang dapat na gamitin para lutasin ang mga maling kalagayan at tiwaling disposisyong ito, kung ano ang sinasabi tungkol sa mga ito sa mga salita ng Diyos, ang mga hinihingi at mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos, o ang mga katotohanan na nakapaloob dito. Walang nauunawaan ang mga huwad na lider sa mga katotohanang realidad na ito. Pinapayuhan lang nila ang mga tao sa pamamagitan ng pagsasabing, “Kumain at uminom pa kayo ng mga salita ng Diyos. May katotohanan sa mga ito. Mauunawaan mo ito kapag mas binasa mo pa ang Kanyang mga salita. Kung hindi mo nauunawaan ang ilan sa mga ito, dapat ka lang mas magdasal, maghanap, at magnilay sa mga ito.” Ganito nila pinapayuhan ang mga tao, at hindi nila malutas ang mga problema sa pagbibigay ng ganitong klase ng payo. Sino man ang nahaharap sa problema at lumalapit para maghanap mula sa kanila, ganoon din ang sinasabi nila. Pagkatapos, hindi pa rin kilala ng taong iyon ang sarili niya at hindi pa rin niya nauunawaan ang katotohanan. Hindi niya malulutas ang sarili niyang totoong

problema, o mauunawaan kung paano niya dapat isagawa ang mga salita ng Diyos, at susunod lang siya sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos at sa mga regulasyon. Pagdating sa mga katotohanang prinsipyo ng pagsasagawa sa mga salita ng Diyos o kung aling mga realidad ang dapat niyang pasukin, hindi pa rin niya nauunawaan. Ito ang nagiging bunga ng gawain ng mga huwad na lider: wala ni isang tunay na resulta.

Hinihingi ng Diyos sa mga tao na manamit nang maayos at disente, nang may kagandahang-asal ng isang banal. “Nang maayos at disente, nang may kagandahang-asal ng isang banal”—sampung salita sa kabuuan, pero nauunawaan ba ninyo kung ano ang ibig sabihin ng mga ito? (Alam nating lahat na batay sa doktrina, hinihingi ng Diyos sa mga tao na manamit nang maayos at disente, nang may kagandahang-asal ng isang banal, pero kapag nananamit tayo, hindi natin alam kung paano tatantiyahin kung ano ang maayos o disente.) Tinutukoy nito ang problema ng kung nauunawaan ba ang katotohanan o hindi. Kung hindi ninyo ito matantiya, pinatutunayan nitong hindi ninyo nauunawaan ang mga salita ng Diyos. Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos? Ibig sabihin nito ay pag-unawa sa mga pamantayan sa pagiging maayos at disente na tinatalakay ng Diyos o, sa mas partikular, ang kulay at estilo ng pananamit. Aling mga kulay at estilo ang maayos at disente? Alam ng mga taong may abilidad na makaarok sa katotohanan kung ano ang maayos at disente, at ano ang kakatwa. Kahit na ang ilang damit ay maayos at disente, makaluma naman ang estilo ng mga iyon. Ayaw ng Diyos ng mga makalumang bagay, at hindi Niya hinihingi sa mga tao na gayahin ang mga estilo ng nakaraan o na maging mga mapagpaimbabaw na Pariseo. Ang ibig sabihin ng Diyos sa “maayos at disente” ay pagkakaroon ng normal na wangis ng tao, pagmumukhang marangal, elegante, at may kapinuhan. Hindi hinihingi ng Diyos sa mga tao na magsuot ng mga kakatwang damit, ni magsuot ng mga sira-sirang damit na parang pulubi, kundi hinihingi Niya sa mga taong manamit nang maayos at disente, nang may kagandahang-asal ng isang banal. Ito ang pag-arok ng mga normal na tao. Pero pagkarinig dito, masyadong nag-alab ang damdamin ng isang huwad na lider, sinabi niya: “Ibinibigay sa atin ng mga salita ng Diyos ang saklaw ng pananamit. ‘Nang maayos at disente, nang may kagandahang-asal ng isang banal’—kung tutuparin natin ang sampung salitang ito, maluluwalhati natin ang Diyos, hindi natin Siya bibigyang-kahihiyan, at titingalain tayo sa gitna ng mga walang pananampalataya. Kaya, ano ang maayos at disente? Ito ay na dapat kayong magsalita at kumilos nang may wangis ng tao, at dapat mayroon kayong kagandahang-asal ng isang banal. Tungkol sa mga banal, sa pangkalahatan ay ang mga sinaunang banal ang tinutukoy natin. Kung gusto nating magkaroon ng kagandahang-asal ng isang banal, dapat nating gayahin ang estilo ng mga sinaunang banal, pero kung maglalakad-lakad kang suot ang mga sinaunang damit, iisipin ng mga tao na baliw ka. Hindi ito naaayon sa prinsipyo ng pagdadakila sa Diyos, pero makahahanap naman tayo ng ilang palatandaan ng mga damit na isinuot ng mga banal kamakailan. Mas maganda ang kapaligirang panlipunan ilang dekada na ang nakakalipas. Mas simple ang mga tao, at mas konserbatibo at

maayos manamit. Kung mananamit ka ayon sa pamantayang ito, magiging maayos at disente ka, at magtataglay ka ng kagandahang-asal ng isang banal. Ito ang landas ng pagsasagawa." Nang malamang nagsusuot ng puting polo at asul na pantalon ang mga tao noong dekada 70 at 80, sinabi niya sa mga kapatid, "Nakita ko ang liwanag sa mga salita ng Diyos. Nagsusuot ang mga tao noong dekada 70 at 80 ng mga damit na medyo maayos at simple. Hindi masasabing kagalang-galang ang mga iyon, pero mukhang mas umaayon ito sa mga hinihingi ng salita ng Diyos, kaya mananamit tayo ayon sa pamantayang ito." Nanguna ang lider sa pagsusuot nito, at naisip ng lahat na maganda ito, medyo disente at simple. Sinabi ng lider: "Sinabi ng Diyos na huwag magsuot ng mga kakatwang damit. Una sa lahat, dapat na nakabutones ang polo hanggang sa leeg, at dapat ding nakabutones ang mga dulo ng manggas. Hindi dapat nakalitaw ang mga pulso, dapat na nakasuksok sa pantalon ang polo, at dapat ay tagong-tago ang lahat, na walang nakalantad na dibdib o likod. Tingnan ninyo kung gaano ito kaayos at kadisente! Hindi ba't maayos at disente ito, at hindi ba't nakaayon ito sa kagandahang-asal ng isang banal, gaya ng hinihingi ng Diyos?" Masyadong nasiyahan ang lider sa damit na suot niya sa mismong sandaling iyon, at kasabay niyon ay hiningi niya sa iba, "Masyadong moderno ang mga damit ninyo, masyadong sunod sa uso. Nagdadala ang mga iyan ng kahihiyan sa Diyos, at ayaw Niya ang mga iyan. Lahat kayo, bilisan ninyo at magsuot kayo ng suot ko, tularan ninyo ako!" Sumunod ang mga taong walang pagkilatis, naghahanap at nagsusuot ng diumano ay maayos at disenteng damit na nakaayon sa kagandahang-asal ng isang banal, at inisip pa nga ng karamihan ng mga tao na mabuti ito. Pero may ilang taong nasuklam sa kanilang puso sa mga makalumang bagay na ito, at naramdamang hindi nararapat ang paggawa nito, at ang pagkaunawang ito sa mga salita ng Diyos ay baluktot. Kahit na hindi masabi nang malinaw ng mga taong ito kung tama ba o maling makinig sa lider at hindi sila naglalakas-loob na bumuo ng mga kongklusyon, isinulong nilang huwag pikit-matang sumunod sa nakararami. Naniniwala silang hindi lubos na tama ang sinabi ng lider, at hindi nila ito sinunod. Tanging ang mga hangal na iyon, ang mga taong iyon na walang abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, na hindi mismo nakabasa ng mga salita ng Diyos, ang sumunod sa anumang sinabi ng huwad na lider, at ginawa ang anumang ipinagawa sa kanila paanuman ito ipinagawa sa kanila. Sinunod nila ang huwad na lider at tinularan siya, nananamit sa parehong paraan kapag umaalis. Sa tuwing lalabas sila sa gitna ng mga tao, masyado silang nasisiyahan, iniisip nilang "Nananampalataya kami sa Makapangyarihang Diyos, at talagang may kagandahang-asal ng isang banal ang kasuotan ko. Ano ba ang suot ninyo? Ang sagwa, ang moderno, ang buktot naman! Tingnan ninyo kami, wala kaming anumang ipinapakita!" Akala nila ay kahanga-hanga sila. Bukod sa hindi napagtanto ng huwad na lider na maling interpretasyon ito sa mga salita ng Diyos, talagang inakala pa niyang isinasagawa niya ang mga salita ng Diyos at pagpasok ito sa realidad ng mga iyon. Ito ang ginagawa ng mga huwad na lider. Dahil kahit ang pinakasimple at pinakamadaling maunawaan sa mga hinihingi ng Diyos sa mga tao,

hindi tunay na nauunawaan ng mga huwad na lider kung ano ang tinutukoy ng mga salita ng Diyos, ang mga pamantayang hinihingi ng mga ito, o mga prinsipyo. Kung ganoon ay kaya ba nilang maunawaan ang sinasabi ng Diyos tungkol sa tiwaling disposisyon ng sangkatauhan, o tungkol sa lahat ng uri ng kalagayan ng tao? Kaya ba nilang tumpak na malaman kung ano ang katotohanan dito? Siyempre, hindi.

Hindi taglay ng mga huwad na lider ang abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos; alam lang nila ang sinabi ng Diyos mula sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos pero hindi nila nauunawaan kung anong mga katotohanan ang ipinapahayag ng mga salita ng Diyos, kung ano ang hinihingi ng Diyos sa mga tao, o kung anong mga katotohanang prinsipyo ang dapat maunawaan ng mga tao. Samakatwid, kapag nagbabahagi sila tungkol sa mga salita ng Diyos, gumagawa lang sila ng ilang literal na interpretasyon ng mga iyon at nagbibigay sa mga tao ng ilang patakaran, ilang panuntunang susundin, ginagamit ang mga ito para patunayang nauunawaan din nila ang mga salita ng Diyos at nakagawa sila ng gawain. Iniisip pa nga ng ilang huwad na lider na malinaw na ang mga salita ng Diyos, na ang mga tao ay palagi lang nabibigo na kainin at inumin ang mga iyon o magsikap. Dahil nakikitang ang lahat ay may mga hawak na aklat ng mga salita ng Diyos, itinuturing nilang kalabisan ang pag-akay sa mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos. Kaya, kapag nakakakita sila ng mga problema tuwing may mga pagtitipon o habang ginagawa nila ang mga tungkulin nila, pinapadalhan lang nila ang mga tao ng ilang piling sipi ng mga salita ng Diyos, sinasabihan ang mga ito ng mga bagay na gaya ng, “Basahin ninyo ang siping ito ng mga salita ng Diyos”; “Basahin ninyo ang siping iyan ng mga salita ng Diyos”; o “Ito ang sinasabi ng mga salita ng Diyos tungkol sa aspektong ito, at iyon naman tungkol sa aspektong iyon.” Pinapadalhan lang nila ang mga tao ng mga piling sipi ng mga salita ng Diyos, gumagamit ng mapanghikayat na paraan para himukin ang mga tao na basahin ang mga salita ng Diyos, naniniwalang ganito dapat akayin ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at na tinutupad nila ang responsabilidad ng isang lider. Pagkatapos makita ang mga salitang ito, sinasabi ng mga tao, “Nabasa ko na rin ang mga salitang ito ng Diyos; hindi ba’t kalabisan para sa iyo na tipunin ang mga salitang ito para sa akin?” Gayumpaman, iniisip ng mga huwad na lider, “Kung hindi ko ipapadala sa iyo ang mga iyon, hindi mo mahahanap kung nasa aling kabanata o aling pahina ang mga salitang ito. Ni hindi mo nga alam kung sa anong konteksto sinabi ng Diyos ang mga salitang ito. Bilang isang lider, dapat kong akuin ang responsabilidad na ito, ang padalhan ka ng mga salita ng Diyos sa anumang oras, saanmang lugar.” May ilang huwad na lider na, sa pagbuhos ng pagmamahal, ay nagpapadala pa nga sa isang tao ng sampu hanggang dalawampung sipi ng mga salita ng Diyos sa isang araw, para ipakita ang katapatan nila sa gawain nila at ang determinasyon nilang akayin ang mga tao patungo sa realidad ng mga salita ng Diyos. Ipinapadala sa mga tao ang mga salitang ito ng Diyos, pero nalulutas ba ang mga problema ng mga ito? Natutupad ba nila ang papel na dapat gampanan ng isang lider? Madalas, hindi nila natutupad ang

papel na ito, dahil kung kaya ng mga taong maunawaan ang mga salitang ito nang sila lang, hindi na nila kakailanganin ng isang lider. Alam na alam naman talaga ng mga taong madalas magbasa ng mga salita ng Diyos ang mga sipi ng mga salita ng Diyos na ipinapadala ng mga huwad na lider, pero ano ang kulang sa mga tao? Ano ang mga paghihirap at problema nila? Iyon ay, pagdating sa mga isyung may kinalaman sa mga katotohanang ito, kapag nahaharap sa mga paghihirap, hindi makita ng mga tao kung ano ba talaga ang diwa ng mga problemang ito, hindi nila alam kung saan magsisimula para malutas ang mga iyon, at hindi nila alam kung paano pumasok sa mga katotohanang ito—at hindi rin alam ng mga huwad na lider. Kung ganoon, natupad ba nila ang responsabilidad nila sa bagay na ito? Mahusay ba sila sa gawaing pamumuno? Malinaw na hindi nila natupad ang responsabilidad na ito. Halimbawa, kapag nababasa ng mga tao sa mga salita ng Diyos ang tungkol sa pagiging matapat na tao, dahil hindi alam ng isang huwad na lider kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at wala silang kakayahang maarok at maunawaan ang katotohanan, sasabihin nila: “Hindi mataas ang mga hinihingi ng Diyos. Hinihingi sa atin ng Diyos na maging matatapat na tao, at ang ibig sabihin ng pagiging matapat ay pagsasalita nang totoo. Hindi ba’t nasabi na itong lahat ng mga salita ng Diyos: ‘Ang magiging pananalita ninyo ay, “Oo, oo; Hindi, hindi”’ (Mateo 5:37)? Napakalinaw ng mga salita ng Diyos! Sabihin mo lang ang anumang nasa puso mo; napakasimple niyon! Bakit hindi mo ito magawa? Ang salita ng Diyos ang katotohanan, dapat natin itong isagawa. Ang hindi pagsasagawa rito ay paghihimagsik, at inililigtas ba ng Diyos ang mga taong naghihimagsik laban sa Kanya? Hindi.” Pagkarinig dito, tumutugon ang mga tao, “Tama ang lahat ng sinasabi mo, pero hindi pa rin namin alam kung paano maging matatapat na tao. Dahil sa maraming pagkakataon, hindi sinasadya ang pagsisinungaling, o isa itong bagay na ginagawa ng isang tao kapag wala na siyang ibang pagpipilian, at may dahilan sa likod nito. Paano ito dapat lutasin?” Ano ang sasabihin ng huwad na lider? “Hindi ba’t madali itong asikasuhin? Hindi ba’t nilinaw na ito ng mga salita ng Diyos? Ang pagiging isang matapat na tao ay tulad lang ng pagiging isang bata; napakasimple niyon! Kahit ilang taon ka na, hindi mo ba kayang maging tulad ng isang bata? Tingnan mo lang kung paano umasal ang mga bata.” Pagkatapos ay iniisip-isip ng tagapakinig: “Ang mga pangunahing pag-uugali ng isang bata ay pagiging walang-muwang at masigla, palundag-lundag, pagiging immature, at hindi pagkakaunawa sa maraming bagay. Dahil sinabi ng lider, gagawin ko ito sa ganitong paraan.” Kinabukasan, itong taong lampas tatlumpu o apatnapung taong gulang na ay nagtali ng buhok niya sa dalawang maliliit na tirintas, nagsuot ng kulay rosas na headband at mga ipit sa buhok, nagsuot ng kulay rosas na damit, sapatos, at medyas, nagsuot ng puro kulay rosas. Pagkakita rito, sinabi ng lider, “Tama iyan! Maglakad ka na mas parang bata, palundag-lundag. Magsalita ka nang mas inosente na gaya ng isang bata, walang kabuktutan ang mga mata, at may ngiti sa iyong mukha—hindi ba’t pagbabalik ito sa pag-uugali ng isang bata? Ito ang pag-uugali ng isang matapat na tao!” Tuwang-tuwa ang lider, habang ang tingin dito ng iba ay hangal at hindi

normal na pag-uugali. Bukod sa hindi nalutas ng huwad na lider na ito ang problema, hindi man lang niya alam kung paano hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, inaakay ang mga tao sa landas ng kahangalan. Kahit sa pinakasimpleng katotohanan ng pagiging isang matapat na tao, hindi alam ng huwad na lider kung paano ito aarukin nang tama at dalisay, kaya pikit-mata na lang siyang nagpapatupad ng mga patakaran, sobrang baluktot itong inaarok na nasusuklam ang mga nakakarinig dito. Ito ang ginagawa ng mga huwad na lider.

Naaarok ng mga huwad na lider ang mga salita ng Diyos sa lahat ng uri ng paraan, nakakaisip sila ng iba't ibang kakatwa at kakaibang perspektiba. Iwinawagayway rin nila ang bandera ng pagsasagawa at pagsunod sa mga salita ng Diyos, iniuutos sa ibang tanggapin at sundin ang pag-arok nila. Sa madaling salita, ang mga taong tulad ng mga huwad na lider na ito ay madalas na mababaw at baluktot ang pag-arok sa mga salita ng Diyos. Kung gagamit ng espirituwal na termino para tukuyin ito, masasabi nating "wala silang espirituwal na pang-unawa." Bukod sa baluktot ang pag-arok nila sa mga salita ng Diyos, madalas din nilang iniuutos sa iba na sundin ang mga baluktot na doktrina at patakarang ito tulad lang nila. Samantala, ginagamit nila ang baluktot nilang pag-arok para kondenahin ang mga taong may dalisay na pag-arok sa katotohanan. Dahil walang espirituwal na pang-unawa ang mga huwad na lider na ito, hindi nila sinisiyasat at sinusuri ang mga salita ng Diyos gaya ng ginagawa ng mga anticristo. Sa panlabas, mukhang hinaharap nila ang mga salita ng Diyos nang may mala-aliping saloobin na kumain at uminom at tumanggap. Gayumpaman, dahil sa mahina nilang kakayahan at kawalan nila ng abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, itinuturing nila ang mga salita ng Diyos na para bang aklat-pampaaralan ang mga iyon, pinaniniwalaang sumusunod ang mga salita ng Diyos sa lohika ng "ang isa dagdagan ng isa ay dalawa, ang dalawa dagdagan ng dalawa ay apat." Hindi nila alam na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at para makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos, dapat na maunawaan ng isang tao kung ano ang tinutukoy ng mga katotohanang sinasabi sa mga salita ng Diyos, at kung ano ang iba't ibang kalagayan at nilalamang kalakip ng mga katotohanang ito. Kapag inaarok ng iba ang mga salita ng Diyos sa isang masyadong kongkreto at praktikal na paraan, itinuturing nila itong paimbabaw at hindi karapat-dapat pakinggan, sinasabing, "Nauunawaan ko ang lahat ng ito, alam ko ang lahat. Ang sinasabi mo ay malinaw nang naipaliwanag sa mga salita ng Diyos, bakit kailangan mo pa itong sabihin?" Ang totoo, hindi nila alam na ang tinatalakay ng iba ay may kaakibat na partikular na nilalamang may kaugnayan sa mga katotohanang nasa mga salita ng Diyos. Dahil ang mga huwad na lider na ito ay walang espirituwal na pang-unawa at hindi nagtataglay ng abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, iniisip nilang ang lahat ng katotohanan ay halos magkakapareho, na walang mga partikular na pagkakaiba sa mga isyung tinatalakay ng mga katotohanan; pinaniniwalaan nila na sa kabila ng walang-tigil na pagtalakay sa mga bagay na ito, halos iisang isyu lang ang lahat ng iyon. Ipinahihiwatig ng paniniwalang ito ang isang

malubhang problema, at itinatakda nitong hindi kailanman maunawaan ng ganoong mga indibidwal ang katotohanan.

Hindi Kayang Akayin ng mga Huwad na Lider ang mga Tao Patungo sa Katotohanang Realidad

Ngayon, may mga indibidwal na mahusay ang kakayahan at may abilidad na umarok na nagkaroon na ng kaunting karanasan at pagpasok sa mga pangunahing salita ng Diyos at nagtataglay ng kaunting katotohanang realidad, pero kailangan nila ng higit pang partikular na gabay at pamumuno para maging mas pino at detalyado ang pagpasok nila. Mga huwad na lider lang ang hindi nakakaunawa kung ano ang tinutukoy ng mga partikular na detalye ng katotohanan o kung bakit binabanggit ang mga iyon sa ganoong paraan, iniisip nila na ginagawa nitong komplikado ang mga bagay-bagay nang hindi naman kinakailangan o na minamanipula nito ang mga salita. Hindi nila nauunawaan o nalalaman kung paano arukin o danasin ang iba't ibang aspektong nakapaloob sa katotohanan. Samakatwid, pagkatapos maging mga lider ay kaya lang nilang akayin ang mga tao na kainin at inumin ang mga karaniwang pinagbabahaginang salita ng Diyos, pagkatapos ay talakayin ang ilang doktrina, at ibuod ang ilang paraan ng pagsasagawa ng pagsunod sa mga patakaran, at ang nakakamit ng mga tao sa mga iyon ay ilang mababaw na espirituwal na termino at karaniwang binibigkas na salita at doktrina, patakaran, at islogan lang. Para sa mga bagong mananampalataya, puwedeng kahit papaano ay sumapat sa loob ng isa o dalawang taon ang mga pangangaral ng mga huwad na lider, pero pagkalipas ng isa o dalawang taon, ang mga taong nakaunawa na ng ilang katotohanan ay magsisimula nang makakilatis sa mga pahayag at pamamaraan ng mga huwad na lider. Para naman sa mga taong pundamental na walang abilidad na umarok, kahit paano pa mangaral ang mga huwad na lider, wala silang nararamdaman, wala silang kamalayan, at hindi nila napapagtanto na ang ipinangangaral ng mga lider na ito ay mga salita at doktrina lang, at na ang nauunawaan nila ay mga hungkag na teorya, islogan, at patakaran lang, na talagang hindi ang katotohanan. Batay sa mga pagpapamalas na ito, kaya bang tuparin ng mga huwad na lider ang responsabilidad na "akayin ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at unawain ang mga ito, at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos"? Kaya ba nilang tuparin ang papel na ito? Kaya ba nilang tuparin ang mga responsabilidad nila? (Hindi.) Bakit hindi nila kaya? Ano ang pangunahing isyu? (Ang ganoong mga tao ay walang espirituwal na pang-unawa at hindi kayang arukin ang katotohanan.) Wala silang espirituwal na pang-unawa at hindi nila kayang arukin ang katotohanan, pero gusto pa rin nilang pamunuan ang iba—napakaimposible nito! Ang asahan ang mga huwad na lider na akayin ang mga tao na maunawaan ang mga salita ng Diyos at makapasok sa realidad ng mga salita ng Diyos ay katulad ng pagtatangkang ipako ang isang gulaman sa dingding—imposible itong mangyari! Halimbawa na lang, ang pagiging matapat na tao: Medyo simple ang mga salita ng Diyos tungkol sa puntong ito,

ilang pangungusap lang ang mga iyon, hindi komplikado. Alam ng sinumang may kaunting pinag-aralan kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito. Pero para patunayang kaya nila ang gawain at kaya nilang pamunuan ang mga tao, nagpapaliwanag ang mga huwad na lider batay sa mga salita ng Diyos: “Ano ang kabuluhan ng hinihingi ng Diyos sa mga tao na maging matapat? Ito ay na ang pagiging matapat na tao ang gustong-gusto ng Diyos. Ang mga walang pananampalataya ay hindi matatapat, hindi sila nagsasabi ng totoo, at pawang mga kasinungalingan at nakakalinlang na salita ang sinasabi nila; ang buong mundo ay isang malaking bayan ng kasinungalingan. Samakatwid, ang unang bagay na iniuutos ng Diyos nang pumarito Siya ngayon ay ang maging matapat ang mga tao. Kung hindi ka matapat na tao, hindi ka mamahalin ng Diyos; kung hindi ka matapat na tao, hindi ka maliligtas, ni makakapasok sa kaharian; kung hindi ka matapat na tao, hindi mo maisasagawa ang katotohanan, at tiyak na isa kang mapanlinlang na tao; kung hindi ka matapat na tao, hindi ka pasok sa pamantayan bilang isang nilikha.” Nauunawaan na ba ninyo ngayon kung paano maging matapat na tao? (Hindi.) Pagkatapos ng lahat ng iyon, hindi pa rin ito malinaw. Pagkarinig dito ng mga bagong mananampalataya, pakiramdam nila ay maganda ang mga salitang ito, isang bagay na hindi pa nila naririnig sa dalawampu o tatlumpung taon nila sa relihiyon. Sinasabi pa nga ng ilan, “Makapangyarihan ang mga salitang ito, ang bawat pangungusap ay karapat-dapat sa isang ‘Amen.’ Napakaganda ng sermon na ito, isa talaga itong sermon ng Kapanahunan ng Kaharian!” Pagkatapos ay nagpapatuloy ang mga huwad na lider: “Hinihingi sa atin ng Diyos na maging matatapat na tao, kaya matatapat na tao ba tayo?” Pinagninilayan ito ng ilan: “Dahil hinihingi sa atin ng Diyos na maging matatapat na tao, ibig sabihin nito ay hindi pa tayo matatapat na tao.” Ang ilan ay nananatiling tahimik, iniisip na, “Itinuturing ko ang sarili kong medyo totoo. Hindi ako kailanman nakikipag-away sa iba, at kapag nakikipagtransaksiyon, hindi ako nangangahas na mandaya ng sinuman. Minsan, kung medyo makakapagsamantala ako, ni hindi ako makatulog sa gabi. Matapat na tao ba ako? Palagay ko ay taong totoo ako, at hindi ba’t pareho ang ibig sabihin niyon sa pagiging matapat na tao?” Sinasabi ng iba, “Likas na hindi ko kayang magsinungaling. Namumula ang mukha ko sa tuwing magsasabi ako ng hindi totoo, kaya malamang na matapat na tao ako, hindi ba?” Pagkatapos ay idinadagdag ng mga huwad na lider, “Matapat na tao ka man, dahil hinihingi sa atin ng salita ng Diyos na maging matapat, kailangang maging matapat na tao ka. Kung kikilos ka ayon sa mga salita ng Diyos, isa kang matapat na tao. Kung ganoon ay makakawala ka sa panlilinlang, sa mga gapos ng madilim na impluwensiya ni Satanas. Sa sandaling maging matapat na tao ka, makakapasok ka sa katotohanang realidad, matutupad mo ang mga tungkulin mo, at makakapagpasakop ka sa Diyos.” Nauunawaan na ba ninyo ngayon kung paano maging matapat na tao? (Hindi.) Pero, natutuwa ang iba: “Makapangyarihan ang mga salitang ito. Amen! Tama ang bawat pangungusap. Wala sa mga ito ang direktang mula sa mga salita ng Diyos, pero lahat ay naarok mula sa mga salita ng Diyos. Mahusay ang pag-arok na ito! Bakit ba hindi ako makaarok nang

ganito? Mukhang tunay na karapat-dapat sa titulo ang lider na ito, talagang ginawa siya para sa pamumuno!" Pagkarinig dito ay nagninilay-nilay ang mga taong may kakayahan at katalinuhan: "Hindi mo pa naipaliwanag kung ano ang isang matapat na tao. Paano ba talaga magiging matapat na tao ang isang tao?" Nagpapatuloy ang mga huwad na lider: "Ang ibig sabihin ng pagiging matapat na tao ay hindi pagsisinungaling. Halimbawa, kung nakiapid ka na noon, magdasal ka sa Diyos at magtapat kung ilang beses mo na iyong nagawa, at kung kanino. Kung pakiramdam mo ay hindi mo makita o mahawakan ang Diyos, dapat kang magtapat sa lider, nang nililinaw ang lahat. Ang diretsahang pagtatapat ang pinakapangunahing hinihingi sa pagiging isang matapat na tao. Dagdag pa rito, tungkol ito sa pagpapahayag sa nilalaman ng puso mo, hindi paghahalo ng kasinungalingan sa anumang bagay. Kung paano ka mag-isip tungkol sa anumang bagay, kung anong mga intensiyong mayroon ka, kung anong katiwalian ang ipinapakita mo, kung sino ang kinamumuhian o isinusumpa mo sa puso mo, kung sino ang gusto mong saktan o pagplanuhan ng masama—ang lahat ay dapat na maipagtapat sa mga indibidwal na iyon. Sa paggawa niyon, nagiging bukas at prangka ka, namumuhay sa liwanag. Ito ang kahulugan ng pagiging isang matapat na tao. Dapat na bitiwan ng isang matapat na tao ang kanyang ego; dapat niyang maipakita at mahimay ang mga pinakamasama at pinakamadilim na bahagi ng puso niya." Pagkarinig dito, nauunawaan na ba ninyo ngayon kung paano maging matapat na tao? (Hindi pa rin.) Kahit pagkatapos makinig, mga doktrina lang ang nauunawaan ng isang tao, hindi mga partikular na pagsasagawa. Sa ganoong pag-arok sa mga salita ng Diyos, inaakay ng mga huwad na lider ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa ganitong paraan, at nagbabahagi rin sila sa ganitong paraan, iniisip na sila ang pinakanakakaunawa sa mga salita ng Diyos, ang may abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, at ang kayang umakay sa mga tao patungo sa realidad ng mga salita ng Diyos. Ang totoo, ang naiintindihan at ibinabahagi nila ay pawang mga doktrina at islogan lang, walang anumang naitutulong sa mga taong gustong hanapin ang katotohanang realidad at unawain ang mga katotohanang prinsipyo. Pero, pinaniniwalaan pa rin ng mga huwad na lider na nagtataglay sila ng mahusay na abilidad na umarok, na may mga pambihira silang kabatiran sa mga salita ng Diyos, at nakatataas sila sa mga karaniwang tao. Nag-iikot-ikot sila na ipinapangaral ang mga doktrina at islogang ito, nagkukumpara pa nga ng iba, madalas na ginagamit ang mga doktrina at islogang ito para makipag-away nang pasalita, at madalas pa ngang ginagamit ang mga iyon para magsermon, magpungos, manghusga, at magkondena ng mga tao. Iniisip nila na sa paggawa niyon ay gumagawa sila ng gawain, na dinadala nila ang mga salita ng Diyos sa tunay na buhay, at inilalapat ang mga salita ng Diyos. Hindi ba't isa itong nakagugulong bagay? Hindi kayang unawain ng mga huwad na lider ang mga salita ng Diyos, hindi nila kayang akayin ang mga tao patungo sa realidad ng mga salita ng Diyos. Pagkatapos basahin ang mga salita ng Diyos, kaya lang nilang magbahagi ng ilang salita at doktrina, pero ipinangangaral at ipinangangalandakan pa nila ang mga iyon. Pero ang totoo, wala silang anumang

katotohanang nauunawaan sa mga salita ng Diyos. Halimbawa, hindi nila nauunawaan ang ilang magkakatulad na espirituwal na termino o magkakatulad na pagpapahayag, hindi rin nila alam ang pagkakaiba-iba ng mga iyon o kung paano iaakma ang mga iyon sa mga tunay na sitwasyon. Bukod sa pagsunod sa mga patakaran at pagbigkas ng mga salita at doktrina, wala silang tunay na pagkaunawa sa mga salita ng Diyos at hindi nila tunay na isinasagawa ang mga iyon. Samakatwid, malinaw na mismong ang mga huwad na lider ay hindi nakakaunawa sa katotohanan, hindi rin nila kayang akayin ang mga tao na maunawaan ang mga salita ng Diyos at makapasok sa katotohanang realidad. Naipakita na natin ito gamit ang halimbawa ng pagiging isang matapat na tao. Dahil hindi alam kung paano uunawain ang katotohanan ng pagiging matapat na tao, ginagamit na lang ng mga huwad na lider ang pagbigkas sa mga salita at doktrina at pangangaral ng mga islogan, inililihis ang mga hangal at mga taong naguguluhan na iyon na walang espirituwal na pang-unawa, iniiwan silang nalilito. Pagkatapos pakinggan ang mga salita at doktrinang ito, masyado nilang iniidolo ang mga huwad na lider at, pagkatapos sundan ang mga huwad na lider sa loob ng ilang taon, sa huli ay hindi nila nauunawaan kahit ang mga pinakasimpleng katotohanan, hindi sila nagkakaroon ng anumang pagpasok sa mga iyon. Dito na natin tatapusin ang pagbabahaginan natin tungkol sa aytem na ito.

Ikalawang Aytem: Maging Pamilyar sa mga Kalagayan ng Bawat Uri ng Tao, at Lutasin ang Iba't Ibang Paghihirap na May Kaugnayan sa Buhay Pagpasok na Nararanasan Nila sa Tunay Nilang Buhay (Unang Bahagi)

Hindi Nakikita ng mga Huwad na Lider ang Totoo sa mga Kalagayan ng Bawat Uri ng Tao

Ang pangalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay ang maging pamilyar sa mga kalagayan ng bawat uri ng tao, at lutasin ang iba't ibang paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok na nararanasan nila sa tunay nilang buhay. Paano isinasakatuparan ng mga huwad na lider ang gawaing ito? May kakayahan ba sila sa gampaning ito? Himayin natin ang puntong ito. Ang pagiging pamilyar sa mga kalagayan ng bawat uri ng tao—batay sa ano ito naisasakatuparan? Naisasakatuparan ito batay sa pag-unawa sa mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga tiwaling disposisyon at diwa ng iba't ibang tao. Para maarok ang mga kalagayan ng iba't ibang tao, dapat munang maunawaan ng isang tao ang mga salita ng Diyos na naglalantad sa iba't ibang kalagayan, tiwaling disposisyon, at tiwaling diwa ng mga tao, at maikumpara ang mga iyon sa sarili nila. Ang uri ng mga disposisyong inilalantad ng Diyos ay tumutukoy sa kung aling uri ng mga tao, kung ano ang pagkatao nila, kung anong uri ng mga pagpapamalas at pagbubunyag ang mayroon sila, at kung ano ang saloobin nila sa Diyos, sa mga salita ng Diyos, at sa tungkulin nila; dapat na maikumpara ang mga kalagayang ito sa mga salita ng Diyos, at sa paggawa niyon, naaarok ng isang tao ang mga kalagayan ng iba't ibang indibidwal. Samakatwid, ang pagiging pamilyar sa mga

kalagayan ng iba't ibang tao ay unang natatamo batay sa pag-unawa sa mga salita ng Diyos at pagkakaroon ng abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos. Ang mga huwad na lider ay walang abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, kung ganoon ay kaya ba nilang unawain ang mga komplikadong katotohanan tungkol sa iba't ibang uri ng taong inilalantad ng mga salita ng Diyos, pati na rin ang iba't ibang kalagayan at tiwaling diwang nalalantad? (Hindi.) Hindi nila nauunawaan, hindi nila alam ang mga kaugnayang nakapaloob dito, at hindi nila alam ang mga katotohanang nakapaloob dito. Dahil hindi nila taglay ang abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos, ang pag-arok sa mga kalagayan ng iba't ibang tao—ang napakahalaga at napakaimportanteng bagay na ito—ay isang napakamapanggulo at napakahirap na gampanin para sa mga huwad na lider.

Paano inaarok ng mga huwad na lider ang mga kalagayan ng iba't ibang tao? Iniisip nila, "Masigasig ang taong ito, makitid ang isip ng isang iyon, mahilig manamit ang isang ito, mahina ang pananampalataya ng isang iyon…." Tinitingnan lang nila ang paimbabaw na penomenang ito, pero hindi nila alam kung ano talaga ang saloobin ng isang tao sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, at kung ano talaga ang kalikasang diwa nito. Halimbawa, may isang tao na may tunay na pananampalataya at masigla sa paggawa ng tungkulin niya, pero naaapektuhan ng mga paghihirap at gusot sa pamilya niya ang mga resulta ng mga tungkulin niya; pagkakita rito ng mga huwad na lider, mali nila siyang babansagan, sasabihing, "Ang taong ito ay isang hindi mananampalataya. Hindi siya makahiwalay sa pamilya niya. Palagi niyang iniisip ang mga anak niya. May ipon siya sa bahay pero hindi niya inihahandog ang mga iyon. Kaya masyadong nakakayamot ang taong ito, at hindi siya magagamit sa mahahalagang gampanin sa hinaharap." Ang totoo, hindi naman malubha ang isyu ng taong ito; sandali pa lang kasi siyang sumasampalataya sa Diyos at mababaw ang pang-unawa niya sa katotohanan kaya hindi niya makita ang totoo sa maraming bagay. Hindi niya alam kung paano haharapin ang pamilya at mga anak niya, o kung paano pangangasiwaan ang mga ari-arian niya. Nasa panahon pa siya ng pagdarasal at paghahanap, at hindi pa niya nahahanap ang mga tumpak na prinsipyo at paraan ng pagsasagawa. May determinasyon siyang isagawa ang katotohanan, pero kapag nahaharap sa mga gusot at paghihirap ng pamilya, pansamantala siyang nanghihina nang kaunti at hindi nagiging masyadong aktibo sa paggawa ng tungkulin niya. Gayumpaman, kaya niyang tapusin nang taimtim ang gawaing iniatas sa kanya ng iglesia, na isang bagay na hindi kayang gawin ng karamihan ng mga tao. Batay sa kakayahan, pagkatao, at saloobin niya sa katotohanan, isa siyang mabuting tao. Pero hindi ganito ang tingin ng mga huwad na lider dito dahil hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos at hindi nila alam kung paano gamitin ang mga salita ng Diyos bilang pamantayan para sukatin kung ano ang kalikasang diwa ng isang tao, o kung ang kalagayan ng isang tao ay dahil ba sa kalikasang diwa niya o sa pansamantalang kahinaan, o isang isyu ng tayog; hindi nila kayang sukatin ang mga bagay na ito. Ang mga paghihirap na hinaharap ng ganitong uri ng tao ay mga paghihirap na nangyayari sa tunay na buhay at may kaugnayan sa buhay pagpasok—kaya bang

pangasiwaan ng mga huwad na lider ang ganitong mga uri ng isyu? Kaya ba nilang lutasin ang mga paghihirap ng mga taong ito? (Hindi.) Dahil hindi kaya ng mga huwad na lider na tumpak na arukin ang mga kalagayan ng iba't ibang tao at hindi nila kayang tumpak na kilatisin ang mabuti at masama sa kalikasang diwa ng iba't ibang tao, hindi rin nila kayang tumpak na lutasin ang mga paghihirap at problema ng iba't ibang tao. Sa kabaligtaran, ang mga tao na kayang magpakaabala sa paggugol ng sarili nila, magtiis ng paghihirap, at magbayad ng halaga, nang umaasa lang sa kasigasigan, pero mahina ang kakayahan at walang abilidad na umarok, ay itinuturing nilang mga pangunahing pakay sa paglilinang, at nagbabahagi sila para lutasin ang mga paghihirap ng mga ito kapag nahaharap ang mga taong ito sa mga iyon. Pero para sa mga taong tunay na may kakayahan at mabuting pagkatao, kapag nahaharap ang mga ito sa mga paghihirap at medyo nanghihina, paano nilulutas at tinutugunan ng mga huwad na lider ang mga iyon? Kapag nahaharap ang mga taong ito sa mga paghihirap at medyo nanghihina lang talaga ang mga ito, ayon sa sitwasyon, dapat silang suportahan at tulungan; dapat na ibahagi sa kanila ng isang tao ang mga layunin ng Diyos—hindi sila dapat na tuluyang balewalain, lalong hindi dapat bansagan. Pero paano nilulutas ng mga huwad na lider ang ganoong mga paghihirap ng mga tao? Sinasabi nila, "Nakarating na sa ganitong yugto ang gawain ng Diyos, pero kumakapit ka pa rin sa asawa mo, sa mga anak mo; pinapapasok mo pa nga ang mga anak mo sa unibersidad at pinahahangad sa kanila ang kanilang mga kinabukasan. Habang palala nang palala ang mga sakuna, may anumang kinabukasan pa rin ba sa mundong ito? Ni hindi mo nga maingatan ang sarili mong buhay, paano mo nagagawang alalahanin ang mga bagay na iyon? Halos tapos na ang gawain ng Diyos, napakabilis ng panahon! Kung hindi mo ganap na itatalaga ang sarili mo, matatawag ka pa rin bang isang nilikha? Isa ka pa rin bang tao?" Tungkol ba talaga rito ang mga paghihirap ng mga taong ito? (Hindi.) Ang dahilan kung bakit medyo mahina ang mga taong ito kapag nahaharap sila sa mga paghihirap ay dahil lang sa mababang tayog nila, hindi dahil hindi nila minamahal ang katotohanan o ayaw nilang gawin ang tungkulin nila. Samakatwid, hindi tumutugma sa kalagayan nila ang sinasabi ng mga huwad na lider; malinaw na isa itong kaso ng maling pagbabansag, hindi pag-arok sa pinakapunto o pinakapangunahing aspekto ng kalagayan nila, hindi pag-arok sa kung ano ang tunay nilang iniisip, kung anong uri sila ng tao, at kung paano sila dapat gabayan at tulungan para malutas ang mga paghihirap nila. Hindi alam ng mga huwad na lider kung paano lutasin ang mga problemang ito. Kaya, paano dapat lutasin ng isang tao ang ganoong mga bagay kapag nangyayari ang mga iyon? Puwede mong sabihing, "Ang isyung hinaharap mo ay isang problemang kinakaharap ng maraming tao. Ang mga taong tunay na kayang iwanan ang mga pamilya nila at buong-pusong igugol ang sarili nila para sa Diyos ay hindi kumikilos dala ng bugso ng damdamin, kundi matagal na panahon nang naghanda. Una, nakaunawa sila ng sapat na katotohanan at tunay silang may determinasyong humiwalay sa pamilya nila, na buong-pusong igugol ang sarili nila sa sambahayan ng Diyos, at masisiguro nilang hindi nila ito pagsisisihan

kalaunan—napag-isipan na nila ito nang mabuti. Higit pa rito, sa panahong ito, nagdarasal din sila sa Diyos para sa paghahanda at para magbukas ng daan pasulong, habang patuloy na sinasangkapan ng katotohanan ang sarili nila, binibigyang-daan ang sarili nilang makaunawa ng mas maraming katotohanan, at magkaroon ng mas malaking pananampalataya sa pagsasaisantabi ng lahat ng bagay para buong-pusong igugol ang sarili nila para sa Diyos. Kinakailangan nito ng panahon, pagdarasal, at siyempre, pag-akay at mga pagsasaayos ng Diyos. Kung taglay mo ang determinasyong ito, huwag kang mabalisa. Magdasal ka sa Diyos at tahimik na maghintay, at gagawa ang Diyos ng mga pagsasaayos para sa iyo. Kung ang mga dasal mo at ang determinasyon mo ay umaayon sa mga layunin ng Diyos at makakatanggap ng pagsang-ayon ng Diyos, kung handa ka na at magpapasakop ka anuman ang gawin ng Diyos at hindi ka nagsisisi, tiyak na magbubukas ng daan ang Diyos para sa iyo. Sa panahong ito, ang dapat gawin ng mga tao ay maghanda at maghintay; ang tanging magagawa nila ay sangkapan ang sarili nila ng katotohanan, unawain ang mga layunin ng Diyos, at hayaang unti-unting lumago ang tayog nila. Kapag naghahanda ang Diyos ng iba't ibang kapaligiran, kung kaya mong piliing magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos nang walang anumang reklamo, ito ay pagkakaroon ng tayog—anuman ang gawin ng Diyos o paano man Siya magsaayos, makakapagpasakop ka." Ano ang palagay ninyo sa ganitong uri ng paggabay? (Mabuti ito.) Sa isang banda, tinutupad mo ang responsabilidad mo, tinutulungan mo ang mga taong maunawaan ang mga layunin ng Diyos; at kasabay niyon, hindi mo sila pinipilit nang higit sa abilidad nila, bagkus ay tinatrato mo sila ayon sa tunay nilang sitwasyon. Hindi ba't paglutas ito ng mga problema gamit ang mga salita ng Diyos? Hindi ba't paglutas ito ng mga paghihirap na kinakaharap ng mga tao sa tunay na buhay batay sa kalagayan nila? (Oo.)

Sa paggampan ng mga tungkulin nila, may ilang tao na palaging pabaya at hindi nagpapakita ng responsabilidad, palaging umaastang opisyal, at mapagmataas, nag-aakalang mas matuwid sila kaysa sa iba, at hindi kayang makipagtulungan sa iba, at nagdudulot ng mga kawalan sa gawain ng iglesia nang hindi nakakaramdam ng katiting na pagkakonsensiya. Pagkatapos makita ang ganoong sitwasyon, sinisimulan ng isang huwad na lider na tugunan at lutasin ang isyu, sinasabing, "Napakahalaga ng papel na ginagampanan ng taong ito sa gawaing ito. Mukhang walang sinumang medyo angkop na pumalit sa kanya, kaya kailangan nating makipagbahaginan sa kanya para lutasin ang mga paghihirap niya." Sa pagbabahaginan, natuklasan ng huwad na lider na ayaw talagang gawin ng taong ito ang tungkulin niya. Naghahangad siyang makakuha ng mga makamundong bagay, kumita ng pera sa propesyon niya at magkaroon ng magandang buhay, at ang pag-uutos sa kanyang gawin ang tungkulin niya ay itinuturing niyang paghingi ng sobra-sobra sa kanya. Pakiramdam niya, ang paggawa ng tungkulin niya sa sambahayan ng Diyos ay nangangahulugan ng pagiging abala araw-araw, na bukod sa nakakasira sa personal na buhay pamilya niya ay ginagawa rin nitong imposibleng

mapanatili ang mga ugnayan sa mga miyembro ng pamilya, at na kung lalabag siya sa mga prinsipyo habang ginagawa ang tungkulin niya, kailangan niyang magtiis ng pagpupungos. Para sa kanya ay masyadong mapait ang ganoong buhay at ayaw niyang mamuhay nang ganoon. Malinaw ang isyu: Ipinapahiwatig ng pag-uugali niya na isa siyang hindi mananampalataya. Pero paano ito hinaharap ng huwad na lider? Iniisip ng huwad na lider, “May talento ang taong ito sa gitna ng mga walang pananampalataya; mahirap makahanap ng taong tulad niya. Naging problematiko na ang kalagayan niya; kailangan kong agad na isantabi ang pinakamatrabahong gawaing hawak ko para makipagbahaginan sa kanya, para tulungan siyang lutasin ito. Paano ito lulutasin? Ang mga salita ng Diyos ang pinakamakapangyarihan; una, babasahan ko siya ng ilang sipi ng mga salita ng Diyos para lutasin ang pagtanggi niyang gawin ang tungkulin niya.” Sasabihin sa kanya ng huwad na lider, “Ngayong dumating na ang mga sakuna, hindi na makakapamuhay nang maayos ang mga tao. Gusto mo pa ring kumita ng pera sa pamamagitan ng isang propesyon at magkaroon ng simpleng buhay pamilya, pero hindi magtatagal ay magkakagulo na ang buong mundo, at hindi na magkakaroon ng mga simpleng pamilya. Hindi mo ba nakikita ang totoo sa mga bagay na ito? Kailangan mong mas magdasal sa Diyos. Bibigyan ka ng pananalig ng pagdarasal sa Diyos. Kailangan mo ring kumain at uminom ng mas maraming salita ng Diyos. Pagkatapos kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang ilang beses, malulutas na ang problema mo.” Pagkatapos, maghahanap ang huwad na lider ng lima o sampung sipi ng mga salita ng Diyos para basahin at ibahagi sa taong ito. Tutugon ang taong iyon, “Tama na ang pagbabahagi. Nauunawaan ko ang lahat ng salitang ito ng Diyos; mas may pinag-aralan pa ako kaysa sa iyo. Huwag kang magpasikat.” Pagkatapos ng isang buong araw ng pagbabahagi ay walang anumang nalutas. Iisipin ng huwad na lider, “Napakaraming taon na akong gumagawa ng gawain ng iglesia; hindi ako naniniwalang hindi ko malulutas ang problema mo.” Pagsapit ng gabi, agad niyang ipagpapatuloy ang pagbabahagi, “Kailangan mong mahalin at sambahin ang Diyos! May pag-asa kang maging isang nilikha na pasok sa pamantayan. Hindi madaling dumating ang tungkuling ito; dapat mong pahalagahan ang pagkakataong ito, dahil kung mapapalagpas mo ito, hindi na magkakaroon ng isa pa. Dahil napakaganda ng kakayahan at mga kondisyon mo, hindi ba’t sayang naman kung hindi mo gagawin ang tungkulin mo? Ang isang taong taglay ang mga talento mo ay dapat na maiangat at magamit sa sambahayan ng Diyos; maganda ang kinabukasan mo rito!” Sasabihin ng taong iyon, “Huwag ka nang magsalita. Kung pipilitin mo akong gawin ang tungkulin ko, ganoon pa rin ang magiging saloobin ko. Kung hindi ako pahihintulutang gawin ito, aalis ako agad. Hindi naman ako nagmamakaawang manatili rito!” Sinasabi ng huwad na lider ang lahat ng masasabi niya pero hindi niya mahikayat ang taong ito o malutas ang isyu nito. Bakit ganoon? Ito ay dahil hindi niya nakikita ang totoo sa kung ano ang pangunahing problema ng taong ito. Ang taong ito, kapag ginagawa ang tungkulin niya, ay pabaya sa tuwing maiisipan niya, nandaraya sa tuwing maiisipan niya, at gumagawa nang pabasta-basta kung iyon ang

naiisipan niyang gawin; anumang gawain ang gawin niya, iresponsable siya. Ayaw niyang magdagdag ng kaunting pagsisikap o magsabi ng ilan pang salita para lutasin ang ilang isyu, nakakayamot at nakakaabala ito para sa kanya. Malinaw niyang nalalaman kung paano gawin ang tungkulin niya sa paraang pasok sa pamantayan at kung paano kumilos nang angkop pero ayaw niyang magsagawa sa ganitong paraan. Pero, patuloy niyang ginagawa ang tungkulin niya sa sambahayan ng Diyos. Ano ang kalikasan ng sitwasyong ito? Ano ang problema rito? (Pumasok siya na ang intensyon ay magkamit ng mga pagpapala at makipagtawaran.) Pumasok siya nang may ganoong inaasam; ang ganoong mga tao ay kilala bilang mga oportunista. Sinasabi niya, “Nabalitaan kong malapit nang magwakas ang mundo, malapit nang magunaw ang mundo, kaya hindi ko na kailangang pumasok sa trabaho; halos sapat naman na ang kinita kong pera. Mabuti pang pumasok ako sa sambahayan ng Diyos para makalibre sa pagkain at para makakuha ng puwesto para sa sarili ko, para magkaroon ako ng pag-asang makatanggap ng mga pagpapala kalaunan.” Batay sa saloobin at intensyon niya sa paggawa ng tungkulin niya, oportunistiko ang pananampalataya niya sa Diyos; pumasok siya sa sambahayan ng Diyos para manghuthot, hindi dahil sa tunay na pananalig. Masyadong mapagwalang-bahala ang saloobin niya kapag ginagawa ang tungkulin niya. Para magamit siya, kailangan ng iglesia na suyuin siya at makipagnegosasyon sa kanya, gayumpaman, hindi pa rin siya gumaganap nang maayos. Tunay bang magagawa ng isang taong ni wala man lang konsensiya ang tungkulin niya? Nagsasamantala at nanghuhuthot lang siya, isa siyang hindi mananampalataya. Kung titingnan ang kalikasan ng dalawang aspekto ng isyung ito, sa pagsubok na lutasin ito, naarok ba ng huwad na lider ang diwa nito? (Hindi.) Dahil hindi nakita ang tunay na diwa ng isyu, itinuring pa rin niyang isang tunay na mananampalataya ang taong ito, na isa lang itong taong walang pang-unawa sa katotohanan, mababa ang tayog, pansamantalang nanghihina at nangangailangan ng suporta. Mula sa mga perspektibang ito, sinubukan niyang magbahagi at tumulong, para lang masabihan ng, “Tumigil ka na sa pagsasalita. Walang saysay ang mga doktrinang iyon na sinasabi mo. Alam ko na ang lahat ng iyon, mas marami akong nauunawaan kaysa sa iyo. Ilang doktrina ba talaga ang naiintindihan mo? Gaano ba kataas ang pinag-aralan mo? Mas marami pa ang mga aklat na nabasa ko kaysa sa mga pagkaing nakain mo!” Nabunyag na ang kalikasan nito, hindi ba? Naniniwala pa rin ang huwad na lider na gumagawa siya ng gawain, hindi napagtatantong sa katunayan ay isang hindi mananampalataya ang taong ito. Kapag ginagawa ng mga hindi mananampalataya ang tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos, kahit ang pagtatrabaho nila ay hindi pasok sa pamantayan. Dapat bang panatilihin ang ganoong mga tao? (Hindi.) Samakatwid, ito ang prinsipyo sa pagharap sa ganitong uri ng tao sa sambahayan ng Diyos: Kung kaya at gusto niyang magtrabaho, panatilihin siya; kung ayaw niya naman, agad siyang alisin, nang hindi siya hinihimok na manatili o hikayatin siya. Alam ba ng huwad na lider ang prinsipyong ito? Hindi. Itinuturing niya ang mga patay na para bang buhay ang mga ito,

pinapakain ang mga ito at binibigyan ng tubig; hindi ba't kahangalan iyon? Gumagawa lang ang mga huwad na lider ng ganoong mga kahangalan.

Hindi Nalulutas ng mga Huwad na Lider ang mga Paghihirap at Problemang Nararanasan ng mga Tao sa Kanilang Buhay Pagpasok

Sa iba't ibang sitwasyon, kapag nagbubunyag ang iba't ibang tao ng iba't ibang kalagayan at pagpapamalas, palaging hindi naaarok ng mga huwad na lider ang diwa ng mga pagbubunyag na ito at hindi nila kayang lutasin ang mga nagiging problema mula sa mga iyon. Dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, sila ay maling nagbabansag at umaasal nang walang-ingat at mali, pinagkakamalan ang mga tao na panandaliang nanghihina o paminsan-minsang nagiging negatibo bilang mga hindi mananampalataya at mga taong nagkakanulo sa Diyos. Samantala, ang mga taong hindi mananampalataya na sa panlabas ay nagtataglay ng ilang abilidad, na kayang gumawa ng simpleng gawain at magsikap nang kaunti, ay itinuturing nilang mga pangunahing pakay para suportahan. Nahihiya ang mga taong ito na direktang sabihin ang pagtanggi nilang gawin ang tungkulin nila, pero hindi nakikita ng mga huwad na lider ang totoo rito at nagpupursigi silang hikayatin ang mga ito na manatili. Walang ginagawa ang mga huwad na lider kundi mga kahangalan; ginugulo ng masasamang tao ang iglesia, pero nananatili silang bulag dito at hindi nila tinutugunan ang isyu. Hindi ba't pag-asal ito nang walang ingat at mali? Paano nagsisimula ang pag-asal nang walang ingat at mali ng mga huwad na lider? Wala silang abilidad na arukin ang mga salita ng Diyos at hindi nila nauunawaan ang katotohanan, kaya kapag nahaharap sa iba't ibang sitwasyon, gumagamit na lang sila ng pinakamababababaw na doktrinang nauunawaan nila, paulit-ulit na inilalapat ang mga iyon sa paraang nagdudulot lang ng mga pagkagambala at kaguluhan. Madalas, bukod sa nabibigo silang lutasin ang mga paghihirap na hinaharap ng mga tao sa buhay pagpasok at bukod sa nabibigo silang suportahan ang mga tao mula sa kahinaan patungo sa kalakasan, idinudulot din nila sa mga tao na magkaroon ng mga kuru-kuro at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, ipinaiisip sa mga taong ito na sinusubukan silang kuhanin ng iglesia para samantalahin ang serbisyo nila, na para bang walang mga tao na may talento sa sambahayan ng Diyos at hindi ito makahanap ng mga angkop na tao. Ito ang negatibong epektong dulot ng gawain ng mga huwad na lider. Paano ito nangyayari? (Hindi kayang arukin ng mga huwad na lider ang katotohanan, hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at kapag nahaharap sila sa mga sitwasyon, naglalapat lang sila ng mga patakaran.) Hindi nila kayang arukin ang katotohanan, nasasaulo lang nila ang ilang hindi nababagong salita at kasabihan. Wala silang tunay na pang-unawang batay sa karanasan at pagkaunawa sa katotohanan. Kaya, kapag kalaunan ay nagkakaroon ng mga problema, kaya lang nilang magsabi ng ilang walang kalatoy-latoy na parirala: "Mahalin mo ang Diyos"; "Maging matapat ka"; "Maging masunurin at mapagpasakop ka kapag nahaharap sa mga sitwasyon"; "Gawin mo nang maayos ang tungkulin mo"; "Kailangan mong maging

tapat”; “Dapat kang maghimagsik laban sa laman”; “Kailangan mong gugulin ang sarili mo para sa Diyos.” Ginagamit nila ang mga walang kabuluhang doktrina, islogan, at kasabihang ito para palamutian ang sarili nila, at itinuturo din nila ang mga ito sa iba, umaasang maiimpluwensiyahan ang mga ito at magkakaroon ng positibong epekto sa mga ito—pero wala itong nagiging epekto, at wala itong nababago. Samakatwid, ang mga huwad na lider ay walang kakayahang magsakatuparan ng anumang gawain. Dahil ni hindi nila malutas ang mga paghihirap na hinaharap ng hinirang na mga tao ng Diyos sa buhay pagpasok, kung ganoon ay paano nila magagawa nang maayos ang pamumuno sa iglesia?

Kapag nahaharap ang mga tao sa iba’t ibang paghihirap sa tunay na buhay at hindi nila alam kung paano harapin ang mga iyon, ni kung paano isagawa ang katotohanan, kailangan nilang hanapin ang katotohanan sa mga salita ng Diyos para lutasin ang mga isyung ito. Kung may isang taong mababa ang tayog na hindi nakakaalam kung paano hanapin ang katotohanan sa mga salita ng Diyos, ni kung paano hanapin ang mga nauugnay na salita ng Diyos, dapat niyang hanapin ang mga taong nakakaunawa sa katotohanan para makipagbahaginan upang malutas ang isyu, habang nagsasanay rin kung paano hanapin ang mga nauugnay na salita ng Diyos at kung paano arukin ang katotohanan. Nangangahulugan ito ng paghahanap sa mga salita ng Diyos kung ano ang mga prinsipyo at hinihinging pamantayan ng Diyos, kung paano binibigyang-kahulugan ng Diyos ang bagay na ito at kung ano ang hinihingi Niya tungkol dito, at kung may anuman bang mga partikular na detalyeng ipinaliliwanag. Kung ang mga salita ng Diyos tungkol sa paksang ito ay medyo simple, nagbubuod lang ng mga prinsipyo nang hindi nagbibigay ng detalyadong mga halimbawa, dapat kang matutong magbulay-bulay. Kung hindi mo ito matukoy sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay, maghanap ka ng mas marami pang tao na makakasama sa pagbabahaginan, makipagbahaginan ka sa mga pagtitipon, at mangapa at maghanap ka sa proseso ng paggawa ng tungkulin mo, nagtatamo ng kaliwanagan at pagtanglaw, at sa gayon ay unti-unting nauunawaan kung ano ang diwa ng kasalukuyang isyu. Panghuli, pumasok ka ayon sa mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos para makahanap ka ng kalutasan sa mga paghihirap na ito. Halimbawa, may ilang tao na tamad at hindi kailanman nakakaipon ng lakas para gawin ang tungkulin nila; pero banggitin mo ang pagkain, pag-inom, at pagsasaya, at natutuwa at napupuno sila ng sigla, na para bang biglang nabuhayan. Paano nilulutas ng mga huwad na lider ang ganoong mga isyu? May pamamaraan din sila: ang pag-aatas ng mas maraming gampanin sa mga taong ito, hindi sila binibigyan ng oras na mabakante. Kaya bang lutasin ng pamamaraang ito ang problema? May ilang tao na atubiling gumawa ng kahit kaunting gawaing nakaatas sa kanila; gusto lang nilang manghuthot, iniisip na pinakamabuti nang hindi talaga gumawa ng anumang gawain! Ano ang isyu sa mga masyadong tamad na taong ito? May kaugnayan ito sa kalikasang diwa nila, sa kung minamahal ba nila ang mga positibong bagay, at pati na sa mga kagustuhan at paghahangad nila. May ilang tao na may kaunting kakayahan; kung pangkaraniwang

tagasunod lang sila na walang anumang pasaning nakaatang sa kanila, wala silang lakas para gawin ang gawain nila at walang anumang interes dito. Gayumpaman, kung, ayon sa kakayahan at sa tungkuling kaya nilang gawin, ay maaatangan sila ng pasanin ng pagiging superbisor, pahihintulutang humawak ng kaunting titulo at umako ng ilang obligasyon, mapupukaw ang interes nila sa gawain. Kung minsan, kapag nagiging iresponsable sila sa gawain nila o nagiging tamad sila, puwede silang mapungusan; minsan naman, puwede silang mabigyan ng kaunting pagpapalakas ng loob at papuri. Kaya, ang mga taong ito, na nagpapahalaga sa reputasyon, na gustong-gusto ng katayuan, at na nasisiyahan kapag binobola, ay nagkakaroon ng lakas para gawin ang tungkulin nila. Kapag iniisip nilang magpabaya, napagbubulay-bulayan nila, “Alang-alang sa katayuan, para sa pasaning dala-dala ko, dapat akong magtrabaho nang maayos.” Sa ganitong paraan, puwedeng bahagyang malutas ang katamaran ng ganoong mga tao. Kapag ang mga huwad na lider ay nahaharap sa ganitong uri ng mga isyung may kinalaman sa pagkatao o sa mga kalagayang may kinalaman sa buhay pagpasok na lumilitaw sa proseso ng paggawa ng tungkulin, masyadong mahirap at komplikadong lutasin ang mga iyon para sa kanila. Hindi nila alam kung paano lutasin ang mga kalagayan at problemang ito, o kung aling mga salita ng Diyos ang gagamitin para sa kalutasang nakatuon sa partikular na isyu. Kadalasan, ang diskarte nila ay hikayatin o suyuin ang mga tao na gumawa nang maayos; kung hindi gagana ang panghihikayat at panunuyo, magagalit na lang sila at pupungusan ang mga ito. Kung hindi gagana ang pagpupungos sa mga ito, magbabasa sila ng ilang sipi ng mababagsik na salita ng Diyos bilang babala, ipinapaalam sa mga tao na dapat umayos ang mga ito. Kung wala pa rin iyong epekto, ang huling opsyon nila ay magsaayos ng isang taong magbabantay at mamamahala sa mga ito. Ang ilang diskarte lang na ito ang mayroon sila, at kung hindi gagana ang mga ito, wala na silang ibang magagawa.

Bilang buod, anuman ang problemang kinakaharap ng mga huwad na lider sa gawain nila, hindi nila makilatis ang diwa ng problema, nahihirapan silang arukin ang mga tunay na kalagayan at pinagmulan ng iba’t ibang tao, at lalong hindi nila nakikita kung nasaan ang ugat ng problema o kung saan magsisimula para lutasin ito sa pinakaangkop na paraan. Wala sila ng mga prinsipyo at pamamaraang ito ng pagharap sa mga problema, kaya hindi kayang lutasin ng gawain ng mga huwad na lider ang iba’t ibang tunay na isyu. Nagagawa lang nilang mangaral ng ilang doktrina, sumigaw ng ilang islogan, sumunod sa ilang patakaran, at iraos ang gawain. Paano magiging mahusay ang ganoong mga tao sa gawain ng pamumuno sa iglesia? Kahit gaano pa sila magsanay o ilang taon pa silang sumampalataya, hindi sila magiging mahusay sa gawain ng pamumuno sa iglesia. Nakakita na ba kayo ng anumang halimbawa nito? (Sa iglesia namin, may taong gumagawa ng tungkulin ng pagpapatuloy sa bahay na palaging nagbibigay ng mga mapanghusga at nang-aatakeng komento, na nakakaapekto sa paggampan namin sa tungkulin at nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan. Pagkatapos namin itong iulat sa lider, ipinagpilitan lang nito na kilalanin namin ang sarili

namin at magpasakop kami sa kapaligirang inihanda ng Diyos, nang hindi nilulutas ang aktuwal na problema, na nakaapekto sa gawain ng iglesia. Nalutas lang ang problema pagkatapos ng pagbabago sa pamumuno.) Isa itong tipikal na pagpapamalas ng mga huwad na lider. Isa itong karaniwang uri ng huwad na lider: ang mga hindi kayang kumilatis ng isang masamang tao o anticristo kapag nakaharap sila ng isa, at nagsasabi sa iba na maging mapagpasensiya at mapagparaya, na matuto mula sa karanasan, at sumunod sa masamang tao o anticristo. Hindi nila kinikilatis ang mga anticristo o masamang tao, wala rin silang ginagawa tungkol sa mga ito. Pagkatapos ng napakaraming pagbabahaginan tungkol sa mga paraan ng pagpapamalas ng mga anticristo, dapat ay magawa nang tukuyin ng lahat ng tao na nakakaunawa sa katotohanan ang ilan sa kanila. Pero nahahanap ba ng mga taong tulad ng mga huwad na lider kung paano tumutugma ang pagbabahaging iyon sa pag-uugali ng isang anticristo? Kaya ba nilang kilatisin ang mga anticristo? (Hindi.) At ano ang ibinubunga ng kawalan nila ng kakayahang kilatisin ang mga anticristo? Posible na agawin ng isang anticristo ang kapangyarihan mula sa kanila, na pahintulutan nilang kontrolin ng anticristo ang iglesia at na, sa huli, ay wala silang gawin habang nagtatatag ang anticristo ng isang nagsasariling kaharian. Kung hindi nila kayang kilatisin ang isang anticristo, imposible nilang tratuhing kaaway ang isang anticristo at ilantad, kilatisin, at tanggihan ito; kung hindi nila kayang kilatisin ang isang anticristo, malamang na tatratuhin nila ang isang anticristo bilang isang kapatid, nang may pagpapasensiya at pagpaparaya, na nagreresulta sa pagkakaluklok ng anticristo sa kapangyarihan sa iglesia at pagkontrol dito. Kaya, ang mga kahihinatnan ng kawalan ng kakayahang kilatisin ang mga anticristo ay malulubha, hindi maubos-maisip sa sobrang kalunos-lunos. Hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang katotohanan; hindi nila kayang kilatisin ang mga diwa ng iba't ibang uri ng tao. Ang ginagawa lang nila ay mangaral ng mga salita at doktrina at maglapat ng mga patakaran, nang may pagmamahal sa lahat, hinahayaan ang lahat na magsisi, at binibigyan ang lahat ng pagkakataon, maging sino man ang mga ito. Hindi ba't pamamaraan ito ng kaparian ng relihiyon? Hindi ba't pamamaraan ito ng mga Pariseo? Kapag nakakaharap ang mga anticristo, kadalasan ay pinipili ng mga huwad na lider na makipagkompromiso at magpaubaya, nakakahanap pa nga ng palusot o dahilan para sabihing ito ay pagtrato sa iba nang may pagmamahal. Kahit nalalamang problematiko at anticristo ang isang tao, hindi sila nangangahas na komprontahin siya, wala rin silang lakas ng loob na kilatisin at ilantad siya; ito mismo ang ginagawa ng mga huwad na lider. Kahit kapag nakilatis na ng ilang kapatid na masama o anticristo ang taong ito, sasabihin pa rin ng mga huwad na lider, "Hindi natin puwedeng husgahan o kondenahin ang mga tao nang ganoon-ganoon lang. Napakasigasig ng taong iyon sa paggugol ng sarili niya at gustong-gusto niyang magbayad ng halaga—hindi siya anticristo o masamang tao. Hindi naman nagiging masama ang isang tao dahil lang sa ilang malupit na salita, hindi ba?" Hindi makita ng mga huwad na lider ang diwa ng mga tao, ni makita ang mga kahihinatnan ng mga

kilos ng mga anticristo, nagpapakita pa rin sila ng pagmamahal, pagpaparaya, at pagpapasensiya sa mga anticristo, hinihikayat pa nga nila ang mga anticristo na magnilay, kilalanin ang sarili nila, at tunay na magsisi. Kahit paano pa subukan ng isang anticristo na kilalanin ang sarili niya, puwede bang magbago ang kalikasan niya? Kaya ba niyang tunay na kilalanin ang sarili niya? Talagang hindi. Kahit na ang mga anticristo ay magmukhang tila tumatalikod sa ilang bagay at medyo gumugugol ng sarili sa panlabas, sa loob ay nagkikimkim sila ng mga ambisyon at magarbong pakana. Ang dahilan kung bakit hindi makita ng mga huwad na lider ang tunay na pagkatao ng mga taong tulad ng mga anticristo ay dahil hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang katotohanan, hindi rin nila kayang kilatisin ang iba't ibang uri ng mga tao. Hindi nila makita ang totoo sa kalikasang diwa ng iba't ibang tao, hindi rin nila alam kung paano tratuhin o pangasiwaan ang iba't ibang uri ng tao. Kapag nakikita nilang inilalantad ng iba ang mga anticristo, hindi sila nangangahas na sumali, at mas natatakot pa silang umaksiyon laban sa mga anticristo, nangangambang magagantihan sila kung mapapasama nila ang loob ng mga anticristo. Ang diskarte nila sa mga anticristo ay limitado sa pangangaral ng mga doktrina at mga panghihikayat. Bukod sa hindi kayang kilatisin ang masasamang tao at mga anticristo, hindi rin kayang lutasin ng mga huwad na lider ang iba't ibang isyung umiiral sa hinirang na mga tao ng Diyos. Pinatutunayan nitong wala talagang pagkaunawa sa katotohanan ang mga huwad na lider; wala silang kakayahang lumutas ng mga aktuwal na problema at imposible nilang maakay ang hinirang na mga tao ng Diyos papasok sa katotohanang realidad. Anuman ang sabihin o gawin ng mga huwad na lider, wala kang maririnig na anumang salita ng liwanag na dulot ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu mula sa kanila, lalong hindi mo makikitang nagtataglay sila ng anumang katotohanang realidad. Samakatwid, walang anumang ibinibigay na pakinabang o tulong ang mga huwad na lider pagdating sa buhay pagpasok ng mga tao; ang kaunting gawaing ginagawa nila ay may kinalaman sa pangangaral ng mga salita at doktrina, pagsigaw ng mga islogan, at paggawa nang pabasta-basta. Lubos silang nabibigo sa pagtupad sa papel na dapat gampanan ng isang lider.

Hanggang dito na lang ang pagbabahaginan natin sa araw na ito. Paalam!

Enero 9, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (2)

Magbalik-aral muna tayo sa pangunahing nilalaman ng pagbabahaginan natin noong huling pagtitipon. (Noong nakaraan, itinala Mo ang labinlimang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at pangunahin Kang nakipagbahaginan tungkol sa naunang dalawa: Ang una ay akayin ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at unawain ang mga ito, at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos; ang ikalawa ay maging pamilyar sa mga kalagayan ng bawat uri ng tao, at lutasin ang iba't ibang paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok na nararanasan nila sa tunay nilang buhay. Batay sa dalawang aytem na ito, hinimay Mo ang mga nauugnay na pagpapamalas ng mga huwad na lider.) Kahit kailan ba ay napag-isipan na ninyo kung alin sa dalawang responsabilidad na ito ang kaya ninyong gampanan kung lider kayo? Maraming tao ang palaging nag-aakalang may kaunti silang kakayahan, talino, at pagpapahalaga sa pasanin, at dahil dito ay ninanais nilang makipagkompetensiya para maging mga lider, at ayaw nilang maging mga karaniwang tagasunod. Kaya, tingnan mo muna kung kaya mong gampanan ang dalawang responsabilidad na ito, at kung alin ang mas kaya mong gampanan, at kaya mong akuin. Sa ngayon ay huwag nating pag-usapan kung may kakayahan ka na maging isang lider, o kung taglay mo ang kapabilidad sa gawain o ang pagpapahalaga sa pasanin, at tingnan mo muna kung kaya mong gampanan nang maayos ang dalawang responsabilidad na ito. Kahit kailan ba ay napag-isipan na ninyo ang tanong na ito? Puwedeng sabihin ng ilan, "Hindi ko planong maging lider, kaya bakit kailangan ko itong pag-isipan? Kailangan ko lang gawin nang maayos ang sarili kong trabaho—walang kinalaman sa akin ang tanong na ito. Sa buhay na ito, kailanman ay hindi ko gustong maging lider, at kailanman ay hindi ko gustong akuin ang mga responsabilidad ng isang lider o manggagawa, kaya kailanman ay hindi ko kailangang pag-isipan ang mga gayong tanong." Tama ba ang pahayag na ito? (Hindi.) Kahit na ayaw mong maging lider, hindi ba't kailangan mo pa ring malaman kung gaano kahusay na isinasakatuparan ng taong namumuno sa iyo ang dalawang responsabilidad na ito, kung natupad ba niya ang mga responsabilidad niya, kung taglay ba niya ang hinihinging kakayahan, mga abilidad, at pagpapahalaga sa pasanin, at kung natutugunan ba niya ang dalawang hinihinging ito? Kung hindi mo nauunawaan o nakikilatis ang mga bagay na ito, at aakayin ka niya sa isang hukay, mamamalayan mo ba ito? Kung basta mo siyang susundan sa paraang nalilito at isa ka lang hangal, kung hindi mo alam na isa siyang huwad na lider, o na inililigaw ka niya o kung saan ka niya inaakay, malalagay ka sa panganib. Dahil hindi mo nauunawaan ang saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at wala kang pagkilatis sa mga huwad na lider, susundan mo siya sa paraang nalilito, at gagawin mo ang anumang ipagagawa niya sa iyo, nang hindi nalalaman kung ang ibinabahagi niya sa iyo ay naaayon ba sa katotohanan sa mga salita ng Diyos, o kung ito ba ang realidad. Dahil masigasig siya,

dahil nagpapakaabala at nagtatrabaho siya nang husto mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito at kaya niyang magbayad ng halaga, at dahil, kapag may taong nahihirapan, umaalalay siya para tulungan ito, at hindi ito binabalewala, iniisip mong pasok siya sa pamantayan bilang isang lider. Hindi mo alam na ang mga huwad na lider ay walang abilidad na arukin ang mga salita ng Diyos, na kahit gaano katagal pa silang gumagawa, hindi nila mauunawaan ang mga layunin ng Diyos o malalaman kung ano ang mga hinihingi ng Diyos, ni hindi nila makikilatis kung ano ang mga doktrina at kung ano ang mga katotohanang realidad, hindi nila malalaman kung paano arukin ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan sa dalisay na paraan, ni malalaman kung paano kainin at inumin ang mga salita ng Diyos—dahil dito ay nagiging malinaw na sila ay mga huwad na lider. Ang mga huwad na lider ay walang nakakamit na mga resulta sa gawaing ginagawa nila. Makikipagbahaginan sila sa iyo at iraraos nila ang mga bagay-bagay, pero hindi sila magiging malinaw tungkol sa kasalukuyan mong kalagayan, kung anong mga paghihirap ang hinaharap mo, at kung nalutas na ba talaga ang mga iyon, at ikaw mismo ay hindi rin makakaalam sa mga bagay na ito. Sa panlabas, babasahan ka nila ng mga salita ng Diyos at makikipagbahaginan sila sa iyo tungkol sa katotohanan, pero mamumuhay ka pa rin sa isang maling kalagayan nang walang anumang pagbabago. Anumang mga paghihirap ang haharapin mo, magmumukha silang nagsasakatuparan ng mga responsabilidad nila, pero wala sa mga paghihirap mo ang malulutas sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan o pagtulong nila, at magpapatuloy ang mga isyu. Pasok ba sa pamantayan ang ganitong uri ng lider? (Hindi.) Kaya, anong mga katotohanan ang kailangan mong maunawaan para makilatis ang mga usaping ito? Kailangan mong maunawaan kung ginagampanan ng mga lider at manggagawa ang bawat gampanin at kung tinutugunan nila ang bawat problema nang alinsunod sa mga hinihingi ng mga salita ng Diyos, kung ang bawat salitang binibigkas nila ay praktikal at tumutugma sa katotohanan sa mga salita ng Diyos. Dagdag pa rito, kailangan mong maunawaan, kapag nahaharap ka sa iba't ibang paghihirap, kung ang pamamaraan nila sa paglutas sa mga isyu ay umaakay sa iyong maunawaan ang mga salita ng Diyos at magkamit ng landas ng pagsasagawa, o nagsasabi lang sila ng ilang salita at doktrina, nagsisigaw ng mga islogan, o nagpapaalala sa iyo. May ilang lider at manggagawa na mahilig tumulong sa mga tao sa pamamagitan ng panghihikayat, may ilan na sa pamamagitan ng motibasyon, at may iba na sa pamamagitan ng paglalantad, pag-aakusa, at pagpupungos. Anumang pamamaraan ang ginagamit nila, kung tunay ka nitong maaakay na pumasok sa katotohanang realidad, lutasin ang tunay mong mga paghihirap, ipinauunawa sa iyo kung ano ang mga layunin ng Diyos at sa gayon ay binibigyang-kakayahan kang makilala ang sarili mo at makahanap ng landas ng pagsasagawa, kapag nahaharap ka sa mga parehong sitwasyon sa hinaharap, magkakaroon ka ng landas na susundan. Samakatwid, ang pinakapangunahing pamantayan sa pagsukat kung ang isang lider o manggagawa ay pasok sa pamantayan ay kung kaya niyang gamitin ang katotohanan para lutasin ang

mga problema at paghihirap ng mga tao, binibigyang-kakayahan ang mga ito na maunawaan ang katotohanan at magkamit ng landas ng pagsasagawa.

Noong nakaraan, medyo pinagbahaginan natin ang tungkol sa una at pangalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hinimay natin ang mga partikular na pagpapamalas ng mga huwad na lider na nauugnay sa dalawang responsabilidad na ito. Ang mga pangunahing pagpapamalas nila ay isang mababaw at paimbabaw na pagkaarok sa mga salita ng Diyos at pagkabigong maunawaan ang katotohanan. Malinaw na dahil dito ay hindi nila kayang akayin ang iba na maunawaan ang mga salita ng Diyos at maarok ang mga layunin Niya. Kapag nahaharap ang mga tao sa mga paghihirap, hindi kaya ng mga huwad na lider na humugot mula sa sarili nilang kaalamang batay sa karanasan para akayin ang mga taong iyon na maunawaan ang katotohanan at makapasok sa realidad, para magkaroon ang mga ito ng landas na susundan, hindi rin nila kayang hikayatin ang mga ito na pagnilayan at kilalanin ang sarili sa gitna ng iba't ibang paghihirap, at kasabay niyon ay lutasin ang mga paghihirap na ito. Kaya ngayong araw, pagbahaginan muna natin kung ano ang mga paghihirap ng buhay pagpasok, at kung ano ang iba't ibang karaniwang paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok na madalas nakakaharap ng mga tao sa mga pang-araw-araw nilang buhay. Gumawa tayo ng isang espesipikong pagbubuod ng mga bagay na ito. Kailangan ba itong pagbahaginan? (Oo.) Medyo interesado na kayo ngayon sa mga paksang ito na may kaugnayan sa buhay pagpasok, hindi ba? Noong una Akong nakisalamuha sa inyo at nakipag-usap sa inyo, anuman ang mabanggit, manhid kayo at walang interes, makupad, at mabagal tumugon. Parang wala kayong anumang nauunawaan, at wala kayong taglay na anumang tayog, lalong wala kayong buhay pagpasok. Ngayon, kapag pinag-uusapan natin ang mga bagay na may kinalaman sa pagbabago sa buhay disposisyon ng isang tao, karamihan sa inyo ay medyo interesado na sa paksang ito, at may kaunti nang reaksiyon dito. Isa itong positibong penomeno. Kung hindi ninyo ginagawa ang mga tungkulin ninyo, matatamo ba ninyo ang mga bagay na ito? (Hindi.) Biyaya ito ng Diyos; ang lahat ng ito ay dahil sa pabor Niya.

Ikalawang Aytem: Maging Pamilyar sa mga Kalagayan ng Bawat Uri ng Tao, at Lutasin ang Iba't Ibang Paghihirap na May Kaugnayan sa Buhay Pagpasok na Nararanasan Nila sa Tunay Nilang Buhay (Ikalawang Bahagi)

Walong Uri ng Paghihirap sa Buhay Pagpasok

I. Mga Paghihirap na May Kaugnayan sa Paggawa ng Tungkulin ng Isang Tao

Tungkol sa mga paghihirap ng buhay pagpasok, tingnan muna natin nang mas malawak ang mga paghihirap na may kaugnayan sa paggampan sa mga tungkulin ng isang tao. Kapag nahaharap ka sa mga problema sa paggampan sa mga tungkulin mo na may kinalaman sa pagsasagawa sa katotohanan, at hindi mo kayang pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo, hindi ba't isa itong paghihirap sa buhay

pagpasok? (Oo, ganoon nga.) Sa madaling salita, ito ang iba't ibang kalagayan, ideya, pananaw, at partikular na maling paraan ng pag-iisip na lumilitaw kapag ginagampanan ang mga tungkulin ng isang tao. Kaya, anong mga partikular na paghihirap ang umiiral sa aspektong ito? Halimbawa, nariyan ang palaging pagtatangkang maging pabasta-basta, tuso, at magpakatamad kapag ginagampanan ang mga tungkulin ng isang tao—hindi ba't isa itong kalagayang karaniwang ipinapamalas at ibinubunyag sa panahon ng paggampan sa mga tungkulin? Nariyan din ang hindi pag-aasikaso sa wastong gawain ng isang tao, at palaging pagkukumpara ng sarili sa iba habang ginagampanan ang tungkulin ng isang tao, pagtrato sa lugar kung saan ginagampanan ng isang tao ang tungkulin niya bilang isang palaruan o labanan, at pag-iisip tungkol sa paghahanap ng "sukatan" sa tuwing ginagampanan ng isang tao ang tungkulin niya, sinasabi sa loob-loob niya: "Titingnan ko kung sino ang mas magaling sa akin at kung sino ang makakapukaw ng kagustuhan kong makipaglaban, pagkatapos ay makikipagkompetensiya ako sa kanya, makikipagpaligsahan sa kanya at ikukumpara ko ang sarili ko sa kanya, para makita kung sino ang makakakuha ng mas magagandang resulta at mas matataas na kahusayan sa paggampan ng tungkulin, at kung sino ang mas magaling sa pagkuha sa loob ng mga tao." Tapos ay nariyan ang pag-unawa sa mga prinsipyo para sa paggampan sa tungkulin ng isang tao pero pag-ayaw na sundin ang mga iyon, o pag-ayaw na kumilos alinsunod sa katotohanan sa mga salita ng Diyos o sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, at palaging pagpiling kontaminahin ng mga personal na kagustuhan ang paggampan sa tungkulin ng isang tao, sinasabing, "Gusto ko itong gawin sa ganitong paraan, gusto ko itong gawin sa ganoong paraan; handa akong gawin ito sa ganitong paraan, gusto ko itong gawin sa ganoong paraan." Ito ay pagiging matigas ang ulo, palaging pagnanais na sundin ang sariling kalooban ng isang tao, at pagkilos sa anumang paraang nais niya ayon sa sarili niyang kagustuhan, pagbibingi-bingihan sa lahat ng mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, at pagpiling lumihis mula sa tamang landas. Hindi ba't ang mga ito ang mga tunay na pagpapamalas na ipinapakita ng karamihan ng tao kapag ginagampanan ang mga tungkulin nila? Malinaw na ang lahat ng isyung ito ay may nakapaloob na mga paghihirap sa paggampan sa tungkulin ng isang tao. Magbigay pa kayo ng mga karagdagan dito. (Ang pagkabigong makipagtulungan nang maayos sa iba kapag ginagampanan ang tungkulin ng isang tao, at palaging pagsunod lang sa sarili niya.) Maituturing din itong isang paghihirap. Ang pagkabigong makipagtulungan nang maayos sa iba kapag ginagampanan ang tungkulin ng isang tao, at palaging pagnanais na sundin lang ang sarili at magkaroon ng huling pasya; kagustuhang magpakumbaba para humingi ng payo at makinig sa opinyon ng iba kapag nahaharap sa mga isyu, pero hindi naman ito maisagawa, at pagkaasiwa kapag sinusubukan nga niya itong isagawa—isa itong problema. (Ang palaging pangangalaga sa mga sariling interes ng isang tao kapag gumagampan ng tungkulin, pagiging makasarili at ubod ng sama, at aktuwal na pagkaalam kung paano lutasin ang problema kapag lumilitaw ito, pero pakiramdam na

wala itong kinalaman sa kanya, pagkatakot na managot kung papalpak ito, at dahil dito ay hindi paglalakas-loob na umaksiyon.) Ang hindi paglutas sa isang problema kapag nakikita ito, pagturing dito na walang kaugnayan sa sarili, at pagwawalang-bahala rito—maituturing din itong paggampan sa tungkulin ng isang tao nang walang katapatan. Responsable ka man sa isang gampanin o hindi, kung kaya mong makilatis at malutas ang problema, dapat mong gampanan ang responsabilidad na ito. Ito ang tungkulin at gawain na napupunta sa iyo. Kung kaya itong lutasin ng superbisor, puwede mo itong hayaan, pero kung hindi niya kaya, dapat kang umaksiyon at lutasin mo ito. Huwag mong hati-hatiin ang mga isyu batay sa kung kaninong saklaw ng responsabilidad napapailalim ang mga iyon—kawalan ito ng katapatan sa Diyos. Mayroon pa ba? (Ang pag-asa sa talino at mga kaloob ng isang tao para gumawa ng gawain habang ginagampanan ang tungkulin niya, at hindi paghahanap sa katotohanan.) Maraming ganitong tao. Palagi nilang iniisip na nagtataglay sila ng talino at kakayahan, at wala silang interes sa lahat ng nangyayari sa kanila; hindi talaga nila hinahanap ang katotohanan, at kumikilos sila ayon lang sa sarili nilang kalooban, at ang resulta, hindi nila nagagampanan nang maayos ang anumang tungkulin. Ang lahat ng ito ay mga paghihirap na nararanasan ng mga tao kapag ginagampanan ang mga tungkulin nila.

II. Mga Isyung May Kaugnayan sa Paraan ng Pagtrato ng Isang Tao sa Kinabukasan at Tadhana Niya

Ang paraan ng pagtrato ng isang tao sa kinabukasan at tadhana niya ay isa ring malaking isyung may kaugnayan sa buhay pagpasok. May ilang tao na handang magbayad ng halaga kung naniniwala silang may pag-asa silang maligtas, at nagiging negatibo sila kung sa palagay nila ay wala silang pag-asa. Kung hindi sila iaangat at lilinangin ng sambahayan ng Diyos, ayaw nilang magbayad ng halaga, at ginagawa nila ang mga tungkulin nila sa pamamagitan lang ng pagraos sa mga bagay-bagay nang hindi umaako ng responsabilidad. Anuman ang ginagawa nila, palagi nilang isinasaalang-alang ang kinabukasan at tadhana nila, itinatanong sa sarili nila, “Talaga bang magkakaroon ako ng magandang hantungan? Nabanggit ba ng mga pangako ng Diyos kung ano ang magiging kinabukasan at hantungan ng isang taong tulad ko?” Kung hindi sila makahanap ng tumpak na sagot, wala silang sigla na gumawa ng kahit na ano. Kung iaangat at lilinangin sila ng sambahayan ng Diyos, mapupuno sila ng lakas, at sa lahat ng ginagawa nila ay napakaaktibo nila. Gayumpaman, kung mabibigo silang gawin nang maayos ang tungkulin nila at matatanggal sila, agad silang magiging negatibo at susuko sa tungkulin nila, tuluyang mawawalan ng pag-asa. Kapag nahaharap sa pagpupungos, iniisip nila, “Ayaw na ba sa akin ng Diyos? Kung ganoon pala, dapat ay sinabi Niya nang mas maaga, sa halip na hadlangan ang paghahangad ko sa mundo!” Kung matatanggal sila, iisipin nila, “Hindi ba’t hinahamak nila ako? Sino ang nag-ulat sa akin? Itinitiwalag ba ako? Kung ganoon pala, dapat ay sinabi nila nang mas maaga!” Higit pa rito, ang puso nila ay puno ng mga transaksiyon, paghingi, at hindi makatwirang

kahilingan sa Diyos. Anuman ang isinasaayos ng iglesia na gawin nila, itinuturing nila ang mga iyon na pagkakaroon ng magandang kinabukasan at tadhana, kasama ng mga pagpapala ng Diyos, bilang mga paunang hinihingi sa paggawa nito. Sa pinakamababa, ang tratuhin nang may magandang ekspresyon at saloobin, at ang sang-ayunan, ay ang mga pauna nilang hinihingi para sa pagtanggap at pagpapasakop. Hindi ba't mga pagpapamalas ito ng paraan ng pagtrato nila sa kinabukasan at tadhana nila? Dagdagan ninyo ito. (Kung may lilitaw na mga paglihis o isyu habang ginagawa ng isang tao ang mga tungkulin niya at mapupungusan siya, magrereklamo siya tungkol sa Diyos at magiging mapagbantay laban sa Diyos; matatakot siyang mabunyag at matiwalag, at palagi siyang maghahanda ng daan palabas para sa kanyang sarili.) Ang takot na mabunyag at matiwalag, at palaging paghahanda ng daan palabas para sa sarili niya—mga pagpapamalas din ang mga ito kung paano niya tinatrato ang kinabukasan at tadhana niya. (Kapag nakikita ng isang tao na tumutugma sa kanya ang mga salita ng paglalantad at paglalarawan ng Diyos, o kapag nahaharap siya sa pagpupungos at napapahiya siya, ipinagpapalagay niya na siya ay naguguluhan, isang diyablo at isang Satanas, at na hindi niya kayang tanggapin ang katotohanan. Natutukoy niya na wala siyang pag-asang maligtas at nagiging negatibo siya.) Pagdating sa kinabukasan at tadhana nila, hindi kaya ng mga tao na lubusang bitiwan ang sarili nilang mga intensyon at pagnanais. Palagi nilang tinatrato ang mga iyon bilang pinakamahahalagang bagay at hinahangad ang mga iyon bilang gayon, itinuturing ang mga iyon na motibasyon at paunang hinihingi para sa lahat ng bagay na hinahangad nila. Kapag nahaharap sila sa paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, pagpipino, o pagbubunyag, o kapag nahaharap sila sa mga mapanganib na sitwasyon, agad nilang iniisip, "Ayaw na ba sa akin ng Diyos? Itinataboy ba Niya ako? Napakahigpit ng tono Niya kapag kinakausap ako; ayaw ba Niya akong iligtas? Gusto ba Niya akong itiwalag? Kung gusto Niya akong itiwalag, dapat ay sabihin Niya iyon sa lalong madaling panahon, habang bata pa ako, para hindi mahadlangan ang paghahangad ko sa mundo." Nagdudulot ito ng pagkanegatibo, paglaban, pagtutol, at pagiging pabaya nila. Ang mga ito ang ilang kalagayan at pagpapamalas na may kinalaman sa paraan ng pagtrato ng mga tao sa kinabukasan at tadhana nila. Isa itong malaking paghihirap na nauugnay sa buhay pagpasok.

III. Mga Paghihirap na May Kaugnayan sa mga Pakikipag-ugnayan sa Pagitan ng mga Tao

Tingnan natin ang isa pang aspekto—ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao. Isa rin itong malaking paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok. Kung paano mo tinatrato ang mga taong hindi mo gusto, mga tao na naiiba ang mga opinyon sa iyo, mga tao na pamilyar sa iyo, mga tao na kapamilya mo o nagpakita sa iyo ng kabaitan, at mga tao na palaging agarang nagbibigay ng mga babala sa iyo, at nagsasabi ng totoong mga salita sa iyo, at tumutulong sa iyo, at kung kaya mong tratuhin nang patas ang bawat tao, pati na kung paano ka nagsasagawa kapag nagkakaroon ka

ng mga pagtatalo sa ibang tao, pati na ng inggitan at mga alitan sa inyo, at hindi kayo nakakapag-ugnayan nang maayos, o ni hindi kayo nakakapagtulungan nang maayos sa proseso ng paggawa ng mga tungkulin ninyo—ang mga ito ang ilang kalagayan at pagpapamalas na may kaugnayan sa mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao. May iba pa ba? (Ang pagiging mapagpalugod ng tao at hindi paglalakas-loob na magsalita pagkatapos matuklasan ang mga problema ng isang tao sa takot na makasakit ng damdamin nito.) Isa itong kalagayang lumilitaw kapag takot ang isang tao na salungatin ang iba. (Gayundin, kung paano tinatrato ng isang tao ang mga lider at manggagawa, at iyong mga may kapangyarihan at katayuan.) Kung paano mo tinatrato ang mga lider at manggagawa, o ang mga taong may kapangyarihan at katayuan—sa pamamagitan man ng pambobola at pagsipsip, o sa pamamagitan ng pagtrato sa kanila nang tama—isa itong partikular na pagpapamalas kung paano mo pinakikitunguhan iyong mga may hawak na kapangyarihan at impluwensiya. Ang mga ito halos ang mga paghihirap ng mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao.

IV. Mga Isyung May Kaugnayan sa mga Damdamin ng Tao

Pag-usapan natin nang kaunti ang tungkol sa mga damdamin ng tao. Anong mga isyu ang may kaugnayan sa mga damdamin? Una ay kung paano mo sinusuri ang iyong sariling mga kapamilya, at kung paano mo hinaharap ang mga bagay na ginagawa nila. Natural na kasama rito sa “ang mga bagay na ginagawa nila” kapag kanilang ginagambala at ginugulo ang gawain ng iglesia, kapag hinuhusgahan nila ang mga tao kapag nakatalikod ang mga ito, kapag lumalahok sila sa ilang pagsasagawa ng mga hindi mananampalataya, at iba pa. Kaya mo bang harapin ang mga bagay na ito nang patas? Kapag kailangan mong magsulat ng isang pagsusuri sa iyong mga kapamilya, magagawa mo ba ito nang obhetibo at patas, nang isinasantabi ang iyong sariling mga damdamin? May kinalaman ito sa kung paano mo hinaharap ang iyong mga kapamilya. Dagdag pa rito, nagkikimkim ka ba ng mga damdamin sa mga taong kasundo mo o sa mga dati nang tumulong sa iyo? Kaya mo bang tingnan ang kanilang mga kilos at asal sa isang obhetibo, patas, at tumpak na paraan? Kung ginagambala at ginugulo nila ang gawain ng iglesia, magagawa mo bang agarang iulat o ilantad sila pagkatapos mo itong malaman? Gayundin, nagtataglay ka ba ng mga damdamin sa mga taong medyo malapit sa iyo o sa mga may interes na pareho sa iyo? Mayroon ka bang patas at obhetibong pagsusuri, depinisyon, at paraan ng pagharap sa kanilang mga kilos at pag-uugali? Ipagpalagay na ang mga taong ito, na may sentimental na koneksiyon sa iyo, ay pinangasiwaan ng iglesia ayon sa mga prinsipyo, at hindi naaayon sa iyong sariling mga kuru-kuro ang kinalabasan nito—paano mo ito haharapin? Magagawa mo bang sumunod? Palihim mo bang ipagpapatuloy ang masangkot sa kanila, at ikaw ba ay malilihis at mauudyukan pa nga nila na magpalusot para sa kanila, pangatwiranan sila, at ipagtanggol sila? Tutulungan mo ba ang mga tumulong sa iyo at ilalagay mo ba ang sarili mo sa panganib para sa kanila, habang binabalewala ang mga katotohanang

prinsipyo at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba't may kinalaman ang iba't ibang isyung iyon sa mga damdamin? Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ba't ang mga damdamin ay may kaugnayan lang sa mga kamag-anak at kapamilya? Hindi ba't ang saklaw lang ng mga damdamin ay ang iyong mga magulang, kapatid, at iba pang kapamilya?" Hindi, kasama sa mga damdamin ang malawak na saklaw ng mga tao. Kalimutan na ang tungkol sa patas na pagsusuri sa kanilang sariling mga kapamilya—hindi man lang masuri nang patas ng ilang tao ang kanilang malalapit na kaibigan at kabarkada, at binabaluktot pa nila ang mga katunayan kapag nagsasalita sila tungkol sa mga taong ito. Halimbawa, kung hindi inaasikaso ng kanilang kaibigan ang gawain na marapat nitong gawin at palaging gumagawa ng mga baluktot at buktot na gawain sa tungkulin nito, ilalarawan nila ito bilang masyadong mapaglaro, at sasabihing hindi pa sapat ang gulang at hindi pa matatag ang pagkatao nito. Hindi ba't may mga damdamin sa loob ng mga salitang ito? Ito ay pagsasalita ng mga salitang puno ng mga damdamin. Kung ang isang tao na walang koneksiyon sa kanila ay hindi nag-aasikaso sa gawain na marapat nitong gawin at nakikibahagi sa mga baluktot at buktot na gawain, magsasalita sila ng mas malulupit na salita tungkol sa mga ito, at maaaring kondenahin pa nila ang mga ito. Hindi ba't pagpapamalas ito ng pagsasalita at pagkilos batay sa mga damdamin? Patas ba ang mga taong namumuhay batay sa kanilang mga damdamin? Matuwid ba sila? (Hindi.) Ano ang mali sa mga taong nagsasalita ayon sa kanilang mga damdamin? Bakit hindi nila matrato nang patas ang ibang tao? Bakit hindi nila kayang magsalita batay sa mga katotohanang prinsipyo? Buktot ang mga taong nagsasalita nang mapanlinlang at hindi nila kailanman ibinabatay ang kanilang mga salita sa mga katunayan. Ang hindi pagiging patas kapag nagsasalita ang isang tao, palaging nagsasalita ayon sa sariling mga damdamin at para sa sariling kapakanan, at hindi ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hindi iniisip ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at pinoprotektahan lang ang sariling mga damdamin, kasikatan, pakinabang, at katayuan—ito ang karakter ng mga anticristo. Ganito magsalita ang mga anticristo; buktot, nakakagulo, at nakakagambala ang lahat ng sinasabi nila. Ang mga taong namumuhay sa mga kagustuhan at interes ng laman ay namumuhay sa kanilang mga damdamin. Ang mga taong namumuhay sa kanilang mga damdamin ay iyong mga hindi talaga tumatanggap o nagsasagawa man lang sa katotohanan. Wala talagang katotohanang realidad ang mga taong nagsasalita at kumikilos batay sa kanilang mga damdamin. Kung maging lider ang mga gayong tao, walang duda na magiging mga huwad na lider o anticristo sila. Hindi lang sila walang kakayahang gumawa ng totoong gawain, maaari din silang gumawa ng iba't ibang masamang gawa. Tiyak na ititiwalag at parurusahan sila.

V. Mga Isyung May Kaugnayan sa Pag-iimbot sa mga Kaginhawahan ng Laman

Isa ring malubhang isyu ang pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman. Ano sa palagay ninyo ang ilang pagpapamalas ng pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman?

Anong mga halimbawa ang maibibigay ninyo mula sa mga nakita ninyo sa sarili ninyong mga karanasan? Kasama ba rito ang pagtatamasa sa mga pakinabang ng katayuan? (Oo.) May iba pa ba? (Ang pagpili sa madadaling gampanin kaysa sa mahihirap na gampanin kapag ginagawa ang mga tungkulin ng isang tao, at palaging pagnanais na piliin ang magaan na gawain.) Kapag gumagawa ng isang tungkulin, palaging pinipili ng mga tao ang magaan na gawain, ang gawaing hindi nakakapagod, at na hindi nila kailangang suungin ang panahon sa labas. Pagpili ito sa madadaling trabaho at pag-iwas sa mahihirap ang tawag dito, at pagpapamalas ito ng pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman. Ano pa? (Palaging pagrereklamo kapag ang kanilang tungkulin ay medyo mahirap, medyo nakakapagod, kapag may kaakibat itong pagbabayad ng halaga.) (Pagkahumaling sa pagkain at pananamit, at sa mga kasiyahan ng laman.) Mga pagpapamalas lahat ito ng pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman. Kapag nakikita ng gayong tao na masyadong matrabaho o delikado ang isang gampanin, ipinapasa niya ito sa iba; magaan na gawain lang ang mismong ginagawa niya, at nagdadahilan siya, sinasabing mahina ang kakayahan niya at na wala siyang kapabilidad sa gawain, at hindi niya kayang pasanin ang gampaning ito—pero ang totoo, ito ay dahil nag-iimbot siya ng mga kaginhawahan ng laman. Ayaw niyang magdusa, anumang gawain ang ginagawa niya o anumang tungkulin ang ginagampanan niya. Kung sasabihin sa kanya na sa sandaling matapos niya ang trabaho ay makakakain siya ng nilagang baboy, napakabilis at napakaepektibo niya itong ginagawa, at hindi mo na siya kailangang madaliin, pilitin, o bantayan; pero kung wala siyang makakain na nilagang baboy, at kailangan niyang mag-overtime sa paggawa ng tungkulin niya, nagpapaliban siya, at naghahanap ng kung ano-anong dahilan at palusot para ipagpaliban ito, at pagkatapos itong gawin sa loob ng ilang panahon, sasabihin niya, “Nahihilo ako, namamanhid ang binti ko, pagod na pagod ako! Masakit ang buong katawan ko, puwede ba akong magpahinga sandali?” Ano ang problema rito? Nag-iimbot siya sa mga kaginhawahan ng laman. Nariyan din kapag palaging nagrereklamo ang mga tao tungkol sa mga paghihirap habang ginagawa ang tungkulin nila, kapag ayaw nilang gumugol ng anumang pagsisikap, kapag, sa sandaling magkaroon sila ng kaunting libreng oras ay nagpapahinga sila, nakikipagdaldalan, o nakikisali sa paglilibang at pagsasaya. At kapag dumarami na ang gawain at nasisira nito ang takbo at nakagawian nila sa mga buhay nila, hindi sila nasisiyahan at nakokontento rito. Nagmamaktol at nagrereklamo sila, at nagiging pabasta-basta sila sa paggawa ng kanilang tungkulin. Pag-iimbot ito sa mga kaginhawahan ng laman, hindi ba? Halimbawa, para mapanatili ang hubog ng katawan nila, may ilang babaeng araw-araw nag-eehersisyo at nagbu-beauty sleep sa mga takdang oras. Gayumpaman, sa sandaling maging abala na ang gawain at makompromiso ang mga nakagawiang ito, hindi sila nasisiyahan, sinasabi, “Hindi maganda ito; masyadong naaantala ng paggawa sa trabahong ito ang mga bagay-bagay. Hindi ko ito puwedeng hayaang makaapekto sa mga personal na gawain ko. Hindi ko papansinin ang sinumang nagtatangkang madaliin ako; ipagpapatuloy ko ang sarili kong bilis sa paggawa. Kapag

oras na para sa yoga, mag-yoyoga ako. Kapag oras na para sa beauty sleep ko, matutulog ako. Patuloy kong gagawin ang mga bagay na ito gaya ng ginagawa ko dati. Hindi ako kasinghangal at kasingsipag ninyong lahat. Pagkalipas ng ilang taon, magiging matatanda, mga babaeng karaniwan lang ang itsura na kayong lahat, malolosyang ang katawan ninyo, at hindi na kayo magiging balingkinitan. Wala nang magkakagustong tumingin sa inyo, at mawawalan na kayo ng anumang kumpiyansa sa buhay." Alang-alang sa pagtugon sa kasiyahan ng laman nila, alang-alang sa kagandahan, na magustuhan ng iba, at mamuhay nang mas may kumpiyansa, ayaw nilang isuko ang mga kasiyahan at kagustuhan ng laman nila, kahit gaano pa sila kaabala sa paggawa ng mga tungkulin. Ito ay pagpapakasasa sa mga kaginhawahan ng laman. Sinasabi ng ilan, "Balisa ang Diyos, at dapat nating isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos." Pero sinasabi ng mga babaeng ito, "Hindi ko nakita na balisa ang Diyos; ayos lang ako basta't hindi ako balisa. Kung magpapakita ako ng pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, sino ang magpapakita ng pagsasaalang-alang sa mga layunin ko?" May anumang pagkatao ba ang mga gayong babae? Hindi ba't mga diyablo sila? May mga partikular na tao rin na, kahit gaano pa kaabala at kahalaga ang gawain nila, hindi nila ito hahayaang makaapekto sa pananamit at sa suot nila. Gumugugol sila ng ilang oras araw-araw sa kolorete, at naaalala nila nang singlinaw ng sikat ng araw kung anong mga damit ang isusuot nila sa bawat araw para bumagay sa mga partikular na pares ng sapatos, at kung kailan magpapa-beauty treatment at magpapamasahe, nang hindi talaga nalilito sa mga bagay na ito. Gayumpaman, pagdating sa kung gaano karaming katotohanan ang nauunawaan nila, kung anong mga katotohanan ang hindi pa rin nila nauunawaan o hindi pa napapasukan, kung anong mga bagay ang pinangangasiwaan pa rin nila nang pabasta-basta at nang walang katapatan, kung anong mga tiwaling disposisyon ang naibunyag nila, at iba pang gayong isyung nauugnay sa katotohanan na may kinalaman sa buhay pagpasok, wala talaga silang anumang nalalaman tungkol sa mga bagay na ito. Kapag tinanong sila tungkol sa mga iyon, wala silang kaalam-alam. Pero, pagdating sa mga paksang may kaugnayan sa mga kasiyahan ng laman—pagkain, pag-inom, at pagsasaya—kaya nilang dumakdak nang walang-tigil, imposible silang mapatigil. Gaano man kaabala ang gawain ng iglesia o gaano man sila kaabala sa kanilang mga tungkulin, ang karaniwang gawain at normal na kondisyon ng kanilang buhay ay hindi nagagambala kailanman. Kailanman ay hindi sila pabaya sa anumang maliliit na detalye ng buhay ng laman at lubos nilang nakokontrol ang mga iyon, nang napakahigpit at napakaseryoso. Pero, kapag hinaharap ang gawain ng sambahayan ng Diyos, gaano man kalaki ang usapin at kahit sangkot dito ang kaligtasan ng mga kapatid, pabaya sila sa pagharap dito. Ni wala silang pakialam sa mga bagay na iyon na kinasasangkutan ng atas ng Diyos o ng tungkuling dapat nilang gawin. Wala silang inaakong pananagutan. Ito ay pagpapakasasa sa mga kaginhawahan ng laman, hindi ba? Angkop bang gumawa ng tungkulin ang mga taong nagpapakasasa sa mga kaginhawahan ng laman? Sa sandaling banggitin ng isang tao ang paksa ng paggawa

sa kanyang tungkulin, o talakayin ang tungkol sa pagbabayad ng halaga at pagdanas ng paghihirap, iling nang iling ang ulo nila. Masyado silang maraming problema, ang dami nilang mga reklamo, at puno sila ng pagkanegatibo. Walang silbi ang gayong mga tao, hindi sila kalipikadong gumawa ng kanilang tungkulin, at dapat silang itiwalag. Pagdating sa pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman, hanggang dito na lamang tayo.

VI. Mga Paghihirap na May Kaugnayan sa Pagkilala sa Sarili

Ang pagkilala sa sarili ang pinakamahalagang aspekto ng buhay pagpasok. Pero para sa karamihan ng tao, dahil hindi nila minamahal ang katotohanan o hinahangad ito, nagiging pinakamalaking paghihirap nila ang pagkilala sa sarili nila. Samakatwid, tiyak na ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan ay hindi kayang tunay na kumilala sa sarili nila. Ano ang mga aspekto ng pagkakilala sa sarili? Ang una ay ang malaman kung anong mga tiwaling disposisyon ang nabubunyag sa pananalita at mga kilos ng isang tao. Minsan, ito ay pagmamataas, kung minsan naman ito ay pagiging mapanlinlang, o marahil ay kabuktutan, katigasan ng kalooban, o pagkakanulo, at iba pa. Bukod pa roon, kapag may nangyayari sa isang tao, dapat niyang suriin ang kanyang sarili para makita kung mayroon siyang anumang intensyon o motibo na hindi naaayon sa katotohanan. Dapat din niyang suriin kung mayroong anuman sa kanyang pananalita o mga kilos na lumalaban o naghihimagsik laban sa Diyos. Sa partikular, dapat niyang suriin kung mayroon ba siyang pagpapahalaga sa pasanin at kung tapat ba siya sa tungkulin niya, kung sinsero niyang ginugugol ang kanyang sarili para sa Diyos, at kung nagiging transaksiyonal o pabasta-basta siya. Ang pagkakilala sa sarili ay nangangahulugan din ng pagkaalam kung ang isang tao ay may mga kuru-kuro at imahinasyon, mga labis-labis na kahilingan, o mga maling pagkaunawa at hinaing tungkol sa Diyos, at kung handa siyang magpasakop. Nangangahulugan ito ng pagkaalam kung kaya ng isang tao na hanapin ang katotohanan, tumanggap mula sa Diyos at magkaroon ng pusong nagpapasakop sa Diyos kapag humaharap sa mga sitwasyon, tao, pangyayari, at bagay na Kanyang pinamamatnugutan. Nangangahulugan ito ng pagkaalam kung ang isang tao ay may konsensiya at katwiran at kung ang isang tao ay nagmamahal sa katotohanan. Nangangahulugan ito ng pagkaalam kung ang isang tao ay nagpapasakop o sumusubok na makipagtalo kapag may mga bagay na nangyayari sa kanya, at kung ang isang tao ay umaasa sa mga kuru-kuro at imahinasyon o sa paghahanap sa katotohanan sa kanyang pagharap sa mga bagay na ito. Lahat ng ito ay ang saklaw ng pagkakilala sa sarili. Dapat pagnilayan ng isang tao kung minamahal ba niya ang katotohanan at kung mayroon ba siyang tunay na pananalig sa Diyos batay sa kanyang saloobin sa iba’t ibang sitwasyon at tao, pangyayari, at bagay. Kung malalaman ng isang tao ang kanyang tiwaling disposisyon at makikita kung gaano katindi ang kanyang paghihimagsik laban sa Diyos, siya ay lumago na. Bukod diyan, pagdating sa mga usapin na may kinalaman sa pagtrato niya sa Diyos, dapat na pagnilayan ng isang tao kung mayroon siyang mga kuru-kuro, takot, o pagpapasakop sa pagtrato niya sa

pangalan ng Diyos at sa pagkakatawang-tao, at lalo na sa kung ano ang kanyang saloobin tungkol sa katotohanan. Dapat ding malaman ng isang tao ang kanyang mga kakulangan, ang kanyang tayog, at kung taglay niya ang katotohanang realidad, pati na kung ang kanyang paghahangad at ang landas na kanyang tinatahak ay tama at alinsunod sa mga layunin ng Diyos. Ang lahat ng ito ay mga bagay na dapat malaman ng mga tao. Sa pagbubuod, ang iba't ibang aspekto ng pagkakilala sa sarili, sa esensiya, ay binubuo ng mga sumusunod: kaalaman sa kung mataas o mababa ang kakayahan ng isang tao, kaalaman sa karakter ng isang tao, kaalaman sa mga intensyon at motibo sa mga kilos ng isang tao, kaalaman sa tiwaling disposisyon at kalikasang diwa na ibinubunyag ng isang tao, kaalaman sa mga kagustuhan at paghahangad ng isang tao, kaalaman sa landas na tinatahak ng isang tao, kaalaman sa mga opinyon ng isang tao sa mga bagay-bagay, kaalaman sa pananaw ng isang tao sa buhay at mga pagpapahalaga, at kaalaman sa saloobin ng isang tao sa Diyos at sa katotohanan. Ang pagkakilala sa sarili ay pangunahing binubuo ng mga aspektong ito.

VII. Iba't Ibang Pagpapamalas ng mga Tao sa Pagtrato Nila sa Diyos

Ang susunod na bahagi ng nilalaman tungkol sa buhay pagpasok ay tungkol sa iba't ibang pagpapamalas ng mga tao sa pagtrato nila sa Diyos. Halimbawa, nariyan ang pagkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, pagbuo ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Kanya at pagiging mapagbantay laban sa Kanya, pagkakaroon ng mga hindi makatwirang kahilingan sa Kanya, palaging pagnanais na umiwas sa Kanya, pag-ayaw sa mga salitang sinasabi Niya, at palaging paghahangad na siyasatin Siya. Nariyan din ang pagkabigong makilatis o makilala ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos, pati na ang palaging pagkikimkim ng saloobin ng pagdududa sa kataas-taasang kapangyarihan, mga pagsasaayos, at awtoridad ng Diyos, at ganap na kawalan ng kaalaman sa mga bagay na ito. Higit pa rito, bukod sa nariyan ang pagkabigong iwasan o itanggi ang paninirang-puri at paglapastangan sa Diyos ng mga walang pananampalataya at ng mundo, pero taliwas dito, nariyan pa ang kagustuhang tanungin kung totoo o tunay ba ito. Hindi ba't pagdududa ito sa Diyos? Maliban sa mga pagpapamalas na ito, ano pa ang iba? (Ang pagiging mapaghinala sa Diyos at pagsubok sa Diyos.) (Ang pagtatangkang sumipsip sa Diyos.) (Ang hindi pagnanais na tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos.) Nariyan ang hindi pagnanais na tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos habang nagdududa kung kaya bang siyasatin ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao. (Nariyan din ang pagkontra sa Diyos.) Isa rin itong pagpapamalas—ang pagkontra sa Diyos at pag-angal laban sa Kanya. Nariyan ang pagkakaroon ng mapangmata at mapanghamak na saloobin sa pagtrato sa Diyos, pakikipag-usap sa Kanya at pakikisalamuha sa Kanya. Mayroon pa ba? (Ang pagiging pabasta-basta sa Diyos at panlalansi sa Kanya.) (Ang pagrereklamo tungkol sa Diyos.) Nariyan ang hindi kailanman pagpapasakop o paghahanap sa katotohanan kapag nahaharap sa mga bagay, at palaging pakikipagtalo para sa sarili at pagrereklamo. (Nariyan din ang paghusga at paglapastangan sa Diyos.) (Ang pakikipagkompetensiya sa Diyos para

sa katayuan.) (Ang pakikipagtawaran at pananamantala sa Diyos.) (Ang pagtatatwa sa Diyos, pagtanggi sa Diyos, at pagkakanulo sa Diyos.) Mahahalagang isyu ang lahat ng ito; ang mga ito ang iba't ibang kalagayan at tiwaling disposisyong lumilitaw sa pagtrato ng mga tao sa Diyos. Sa esensiya ay ito ang iba't ibang pagpapamalas ng pagtrato ng mga tao sa Diyos.

VIII. Ang mga Saloobin at Iba't Ibang Pagpapamalas ng mga Tao sa Pagtrato Nila sa Katotohanan

Ang isa pang aspekto ng paksa tungkol sa buhay pagpasok ay ang paraan ng pagtrato ng mga tao sa katotohanan. Anong mga pagpapamalas ang nasa aspektong ito? Nariyan ang pagtrato sa katotohanan bilang isang teorya o isang islogan, bilang isang patakaran, o bilang kapital para maging palamunin ng iglesia at magtamasa ng mga pakinabang ng katayuan. Magdagdag pa kayo rito. (Ang pagtrato sa katotohanan bilang isang espirituwal na panustos.) Nariyan ang pagtrato sa katotohanan bilang isang espirituwal na panustos para tugunan ang mga espirituwal na pangangailangan ng isang tao. (Ang hindi pagtanggap sa katotohanan at pagiging tutol dito.) Isa itong saloobin sa katotohanan. (Ang pag-iisip na ang mga salita ng Diyos ay naglalayong maglantad sa iba, na walang kaugnayan ang mga ito sa sarili, at pagturing sa sarili bilang dalubhasa ng katotohanan.) Angkop na angkop ang pagkakalarawan ninyo sa pagpapamalas na ito. Ang mga taong may ganitong pagpapamalas ay naniniwalang nauunawaan nila ang lahat ng katotohanang sinabi ng Diyos, at na ang mga inilalantad Niyang tiwaling disposisyon at diwa ng tao ay tumutukoy sa iba, at hindi sa kanila. Ang tingin nila sa sarili nila ay mga dalubhasa ng katotohanan, madalas nilang ginagamit ang mga salita ng Diyos para sermunan ang iba, na para bang sila mismo ay walang mga tiwaling disposisyon, na sila na ang pagsasakatawan ng katotohanan at mga tagapagsalita ng katotohanan. Anong uri ng basura ba sila? Gusto nilang maging ang pagsasakatawan ng katotohanan—hindi ba't katulad lang sila ni Pablo? Itinanggi ni Pablo na ang Panginoong Jesus ay si Cristo at ang Diyos; siya mismo ay nagnais na maging Cristo at ang Anak ng Diyos. Ang mga taong ito ay katulad ni Pablo, kauri sila ni Pablo, mga anticristo sila. Mayroon pa ba? (Ang pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang mga salita ng isang karaniwang tao, hindi bilang ang katotohanang dapat isagawa, at ang pagkakaroon ng mapagwalang-bahala at mababaw na saloobin sa mga salita ng Diyos.) Ang hindi pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang ang katotohanang dapat tanggapin at isagawa, bagkus ay pagtrato sa mga ito bilang mga salita ng tao—isa ito. (Ang pag-uugnay ng mga salita ng Diyos sa mga pilosopiya at teorya ng mga walang pananampalataya.) Nariyan ang pag-uugnay ng mga salita ng Diyos sa mga pilosopiya, pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang mga palamuti o mga walang kabuluhang salita habang itinuturing ang mga tanyag na kasabihan ng mga sikat at dakilang tao bilang ang katotohanan, at pagtrato sa kaalaman, tradisyonal na kultura, at mga kaugalian bilang ang katotohanan at pagpapalit ng mga iyon sa mga salita ng Diyos. Ang mga

taong nagpapakita ng pagpapamalas na ito ay walang-tigil na nagsasalita tungkol sa kagustuhang isagawa ang katotohanan at patotohanan at ipakalat ang mga salita ng Diyos kapag nahaharap sa mga sitwasyon, pero sa puso nila, hinahangaan nila ang mga sikat at dakilang taong iyon mula sa sekular na mundo, at iniidolo pa nga nila si Bao Gong ng sinaunang Dinastiyang Song, sinasabi nila, “Isa talaga siyang istrikto at walang-kinikilingang hukom. Kailanman ay hindi siya nagpasya nang hindi makatarungan, kailanman ay hindi nagkaroon ng anumang hindi makatarungang hatol mula sa mga kamay niya, o ng anumang kaluluwang naagrabyado ng talim ng hustisya niya!” Hindi ba’t pag-iidolo at paghanga ito sa isang sikat na tao at isang pantas? Ang pagtatangka na palabasin ang mga salita at gawa ng mga sikat na tao bilang ang katotohanan ay paninirang-puri at paglapastangan sa katotohanan! Sa iglesia, madalas nagsasalita ang mga ganitong tao tungkol sa kagustuhang isagawa ang katotohanan at ipakalat ang mga salita ng Diyos, pero ang iniisip at karaniwang sinasabi nila ay mga tradisyonal na kasabihan at kawikaan lang, na ipinapahayag nila sa isang napakapraktisado at mahusay na paraan. Palagi nilang nasasambit at nababanggit ang mga bagay na ito. Kailanman ay wala silang nabanggit na salita ng kanilang pagkaunawang batay sa karanasan sa mga salita ng Diyos, at lalong hindi nila kailanman nasabi kung alin sa mga salita ng Diyos ang pamantayan o batayan ng mga kilos at asal nila. Mga maling paniniwala lang ang binibigkas nila, tulad ng, “Iniiwan ng tao ang kanyang pangalan saanman siya maglagi, tulad ng pagputak ng gansa saanman ito lumipad,” “Wala nang silbi ang pagpupugot ng mga ulo,” “Palaging may kasuklam-suklam tungkol sa mga kaawa-awang tao,” “Palagi mong iwanan ang sarili mo ng pagkakataong baguhin ang mga bagay,” “Kahit na wala akong anumang mga nakamit, nagtiis ako ng paghihirap; kung hindi paghihirap, pagkapagod,” “Huwag mong sunugin ang tulay pagkatapos tumawid sa ilog; huwag mong patayin ang asno pagkatapos ibaba ang gilingan,” “Parusahan nang matindi ang isang tao para magbigay ng halimbawa sa iba, gawin mo siyang babala sa iba,” at “Ang mga bagong opisyal ay sabik magpasikat,” at iba pa—wala sa mga sinasabi nila ang katotohanan. May ilang tao na magsasaulo sa mga salita ng mga kasalukuyang makata at mag-iiwan pa ng ganoong mga komento sa mga video ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t isa itong pagpapamalas ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa? Ang mga salitang iyon ba ang katotohanan? Nauugnay ba ang mga iyon sa katotohanan? May ilang tao na madalas magsabi ng mga bagay na tulad ng “May diyos sa tatlong talampakan sa itaas mo,” at “Ang kabutihan at kasamaan ay masusuklian sa huli; hindi magtatagal.” Ang mga pahayag na ito ba ang katotohanan? (Hindi.) Saan nanggagaling ang mga ito? Makikita ba ang mga ito sa mga salita ng Diyos? Nanggagaling ang mga ito sa kulturang Budista at walang anumang kinalaman sa pananampalataya sa Diyos. Sa kabila nito, madalas subukan ng mga tao na itaas ang mga ito sa antas ng katotohanan; isa itong pagpapamalas ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa. May ilang tao na may kaunting determinasyong gumugol ng sarili nila para sa Diyos, at sinasabi nila, “Iniangat ako ng sambahayan ng Diyos, itinaas ako ng

Diyos, kaya dapat akong maging karapat-dapat sa kasabihang, ‘Ang isang ginoo ay nag-aalay ng kanyang buhay para sa mga nakakaintindi sa kanya.’” Hindi ka isang ginoo, at hindi hiningi sa iyo ng Diyos na ialay mo ang buhay mo. Kinakailangan bang maging ganoon kagiting kapag gumagawa ng mga tungkulin? Ni hindi mo nga matupad ang mga tungkulin mo ngayong buhay ka, may anumang pag-asa ba na magagawa mo iyon kapag patay ka na? Paano mo pa gagawin ang mga tungkulin mo sa panahong iyon? Sinasabi ng iba, “Likas na tapat ako, isa akong matapang at masigasig na tao. Gusto kong itaya ang lahat para sa mga kaibigan ko. Ganoon din sa Diyos: Dahil ako ay hinirang, iniangat, at itinaas ng Diyos, dapat kong suklian ang biyaya ng Diyos. Talagang itataya ko ang lahat para sa Diyos, kahit hanggang sa kamatayan ko!” Ito ba ang katotohanan? (Hindi.) Napakaraming sinabing salita ng Diyos, bakit wala silang ni isang natandaan sa mga iyon? Sa lahat ng oras, ang pinagbabahaginan lang nila ay: “Wala nang ibang kailangang sabihin. Ang isang ginoo ay nag-aalay ng kanyang buhay para sa mga nakakaintindi sa kanya, at dapat itaya ng isang tao ang lahat para sa mga kaibigan niya at maging tapat.” Ni hindi nila mabigkas ang pariralang “suklian ang pagmamahal ng Diyos.” Pagkatapos makinig sa mga sermon at basahin ang mga salita ng Diyos sa loob ng maraming taon, wala silang nalalamang ni isang katotohanan, at ni hindi sila makapagsabi ng ilang espirituwal na termino—ito ang panloob na pagkaunawa at depinisyon nila sa katotohanan. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba’t kaawa-awa ito? Hindi ba’t katawa-tawa ito? Hindi ba’t isa itong pagpapamalas ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa? Pagkatapos makinig sa napakaraming sermon, hindi nila nauunawaan ang katotohanan at hindi nila alam kung ano ang katotohanan, pero garapal nilang ginagamit ang mga maladiyablo, walang kabuluhan, wala sa katwiran, at masyadong katawa-tawang salitang iyon para ipalit sa katotohanan. Bukod sa ganito ang panloob na pag-iisip at pagkaarok nila, palagi rin nila itong ipinapakalat at itinuturo sa iba, kaya nagiging katulad ng sa kanila ang pagkaarok ng iba. Hindi ba’t medyo naglalaman ito ng kalikasan ng pagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan? Tila mapanganib ang mga taong ito na hindi nakakaunawa sa katotohanan at walang espirituwal na pang-unawa, kaya nilang magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan at gumawa ng mga walang kabuluhan at katawa-tawang bagay sa anumang oras at saanmang lugar. Ano pa ang ibang pagpapamalas ng paraan ng pagtrato ng mga tao sa katotohanan? (Ang pagkamuhi sa katotohanan, pagtanggap lang sa kung ano ang umaayon sa sariling mga kuru-kuro ng isang tao, at pagtanggi at pagtutol na isagawa kung ano ang hindi.) Ang pagtanggap at pagsasagawa lang sa kung ano ang umaayon sa sariling mga kuru-kuro ng isang tao at sa parehong paraan ay paglaban at pagkondena sa hindi—isa itong saloobin. (Ang hindi paniniwala na kayang lutasin ng katotohanan ang mga tiwaling disposisyon ng isang tao o baguhin ang sarili niya.) Ang hindi pagkilala o paniniwala sa katotohanan ay isa ring saloobin. Ang isa pang pagpapamalas ay na ang saloobin at pananaw ng isang tao sa katotohanan ay nagbabago ayon sa lagay ng loob, kapaligiran, at mga emosyon niya. Para sa mga taong ito, kapag maganda ang pakiramdam nila at

masaya sila isang araw, iniisip nila, “Ang galing ng katotohanan! Ang katotohanan ang realidad ng lahat ng positibong bagay, ang pinakakarapat-dapat isagawa at ipakalat ng mga tao.” Kapag masama ang lagay ng loob nila, iniisip nila, “Ano ba ang katotohanan? Ano ba ang mga pakinabang ng pagsasagawa sa katotohanan? Kikita ka ba rito ng pera? Ano ba ang mababago ng katotohanan? Ano ang puwedeng mangyari kung isasagawa mo ang katotohanan? Hindi ko ito isasagawa—anong pagkakaiba ang magagawa nito?” Lumalabas ang maladem onyo nilang kalikasan. Ang mga pagpapamalas na ito ang mga disposisyon at iba’t ibang kalagayang ibinubunyag ng mga tao sa paraan ng pagtrato nila sa katotohanan. Ano pa ang ibang mga partikular na pagpapamalas? (Ang hindi pagtrato sa mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan o buhay bagkus ay pagsusuri at pagsisiyasat sa mga iyon.) Nariyan ang pagharap sa mga salita ng Diyos nang may akademikong saloobin, palaging pagsusuri at pagsisiyasat sa katotohanan batay sa kaalaman ng isang tao, nang walang anumang saloobin ng pagtanggap at pagpapasakop. Ang mga ito halos ang mga paghihirap sa pagtrato ng mga tao sa katotohanan na maaaring tukuyin at gawing mga buod na pamagat.

May walong aspekto sa kabuuan sa paksa natin tungkol sa mga paghihirap ng buhay pagpasok, at ang mga ito ang mga pangunahing paghihirap na may kinalaman sa buhay pagpasok at pagtatamo ng kaligtasan. Ang mga kalagayan at disposisyong ibinubunyag ng mga tao na nakapaloob sa walong aspektong ito ay pawang nalalantad sa mga salita ng Diyos; nagtakda ang Diyos ng mga hinihingi para sa mga tao at itinuro Niya sa kanila ang landas ng pagsasagawa. Kung kaya ng mga tao na pagsumikapan ang mga salita ng Diyos, magkaroon ng seryosong saloobin, ng saloobin ng pananabik, at magdala ng pasanin para sa sarili nilang buhay pagpasok, kung gayon, sa mga salita ng Diyos, makakahanap sila ng mga nauugnay na katotohanan para lutasin ang walong uri ng problemang ito, at may mga landas ng pagsasagawa para sa bawat isa sa mga iyon. Wala sa mga iyon ang mga di-malulutas na pagsubok o anumang uri ng misteryo. Gayumpaman, kung hindi ka talaga nagdadala ng pasanin para sa sarili mong buhay pagpasok, at hindi ka talaga interesado sa katotohanan o sa pagbabago sa disposisyon mo, kahit gaano pa kalinaw at katumpak ang mga salita ng Diyos, mananatili ang mga iyon na mga teksto at doktrina lang sa iyo. Kung hindi mo hinahangad o isinasagawa ang katotohanan, kahit ano pa ang mga isyung mayroon ka, hindi ka makakahanap ng solusyon, na masyadong magpapahirap sa iyong magtamo ng kaligtasan. Siguro ay habambuhay ka nang mananatili sa yugto ng pagiging isang trabahador; siguro ay habambuhay ka nang mananatili sa yugto ng hindi pagtatamo ng kaligtasan at pagtataboy at pagtitiwalag sa iyo ng Diyos.

Ang Masasamang Epekto at Kahihinatnan ng Gawain ng mga Huwad na Lider

Pagdating sa lahat ng paghihirap na nakakaharap ng mga tao sa buhay pagpasok nila, ano ang ginagawa ng mga huwad na lider? Kapag nahaharap ang mga tao sa

anumang uri ng kalagayang nakapaloob sa isa sa walong uri ng paghihirap na ito, kaya ba ng mga huwad na lider na tukuyin ito, at gamitin ang mga salita ng Diyos at ang sarili nilang kaalamang batay sa karanasan para lutasin ang mga problema ng mga taong ito? Sa kasamaang-palad, kapag nahaharap ang mga tao sa mga paghihirap, gumagawa lang ang mga huwad na lider na ito ng mga paimbabaw na pagsisikap, nagbibigay lang ng ilang mababaw, malayo sa punto, at walang kaugnayang komento na walang kinalaman sa mga disposisyon at tunay na paghihirap ng mga tao para tugunan ang mga isyu ng mga ito. Halimbawa, madalas sabihin ng mga huwad na lider, “Sadyang hindi mo minamahal ang katotohanan!” Ganito nila sinusubukang lutasin ang tunay na mga paghihirap ng mga tao at ilarawan ang mga diwa ng mga ito. Hindi nila kayang tulungan ang mga taong humanap ng mga sagot sa mga salita ng Diyos kahit para sa isang hindi malubhang isyu o kalagayan, hindi rin nila ito kayang lutasin sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa katotohanan. Sa halip, nagbibigay sila ng ilang komento na batay sa doktrina at wala namang kaugnayan, o sinasamantala nila ang problema at pinapalaki ang maliit na bagay para lubusang balewalain ang mga tao nang hindi binibigyan ang mga ito ng pagkakataong magsisi. Sa realidad, kung ang isang tao ay may abilidad na arukin ang mga salita ng Diyos at nagtataglay ng espirituwal na pang-unawa, mahahanap niya ang paglalantad ng Diyos sa walong aspekto ng mga kalagayang ito sa mga salita ng Diyos, hindi ito mahirap. Gayumpaman, dahil ang mga huwad na lider ay walang espirituwal na pang-unawa, mahina ang kakayahan, at walang abilidad na makaarok, idagdag pa ang katunayang ang ilan sa kanila ay masigasig, sabik kumilos, mapagpaimbabaw lang, at nagpapanggap lang na mga espirituwal na tao, hindi talaga nila kayang lutasin ang mga isyu ng ibang tao. Pagdating sa iba’t ibang isyung nakakaharap ng mga tao, papayuhan sila ng mga huwad na lider, sasabihing, “Ganito na kalayo ang inusad ng gawain ng Diyos; bakit naiinggit at nakikipagtalo ka pa rin sa iba? May oras ka ba para diyan? Ano ang silbi ng pakikipag-away tungkol diyan? Hindi ka ba makakaraos nang hindi nakikipag-away tungkol diyan?” “Ganito na kalayo ang narating ng gawain ng Diyos, pero napakasentimental mo pa rin, at hindi mo kayang bumitiw. Sa malao’t madali, ikakamatay mo ang mga damdaming ito!” “Ganito na kalayo ang narating ng gawain ng Diyos, kaya bakit masyado mo pa ring inaalala ang pagkain at pananamit? Hindi mo ba kaya nang hindi nagsusuot ng isang bestida? Hindi ka ba makakaraos nang hindi bumibili ng isang pares ng sapatos na yari sa balat? Dapat ay mas pag-isipan mo ang mga salita ng Diyos at ang tungkulin mo!” “Kapag may nangyayari sa iyo, mas magdasal ka sa Diyos. Anuman ang nangyayari sa iyo, may isang aral: matutong magpasakop sa Diyos at unawain ang kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos Niya.” Kaya bang lutasin ng payong ito ang mga tunay na problema? Hindi talaga. Kung hindi ay sinasabi nila, “Ang mga tao ay malubhang nagawang tiwali ni Satanas. Sa pamamagitan ng pagiging sentimental, hindi ba’t naghihimagsik ka laban sa Diyos? Sa pamamagitan ng hindi pagkilala sa sarili mo, hindi ba’t naghihimagsik ka laban sa Diyos?” Anuman ang kasalukuyang problema, hindi alam ng mga huwad na

lider kung paano pagbahaginan ang katotohanan para himayin ang diwa o kalagayan ng isang tao, hindi nila kayang makilatis kung paano lumilitaw ang mga kalagayan ng mga tao, at pagkatapos, batay sa mga kalagayan ng mga ito, hindi nila kayang pagbahaginan ang katotohanan para lutasin ang mga isyu ng mga ito, magbigay ng angkop na tulong at panustos. Sa halip, pare-pareho ang palagi nilang sinasabi: “Mahalin mo ang Diyos! Pagsikapan mong gawin ang mga tungkulin mo, dapat kang maging tapat sa Diyos, at mas magdasal kapag nahaharap ka sa mga problema!” “Ang lahat ng bagay ay nakapaloob sa kataas-taasang kapangyarihan at pagsasaayos ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos!” “Kung hindi mo hahanapin ang katotohanan, hindi puwede iyon. Dapat ay basahin mo pa ang mga salita ng Diyos. Nililinaw ng mga salita ng Diyos ang lahat ng bagay, pero sadyang hindi minamahal ng mga tao ang katotohanan!” “Nalalapit na ang mga kalamidad, malapit na ang kalalabasan ng lahat ng bagay, at matatapos na ang gawain ng Diyos, pero hindi ka nababalisa. Ilang araw na lang ba ang nalalabi sa tao? Dumating na ang kaharian ng Diyos!” Binibigkas lang ng mga huwad na lider ang mga kasabihang ito na hindi naman nauugnay, hindi kailanman partikular na sinusuri at hinihimay ang iba’t ibang problema, o nagbibigay ng tunay na panustos o tulong sa mga tao. Kung hindi nila hinahanapan ang mga tao ng ilang sipi mula sa mga salita ng Diyos para basahin, nagbibigay sila ng walang kaugnayang payo para pakitunguhan ang mga ito. Ano ang nangyayari sa huli? Sa ilalim ng pinsala ng mga huwad na lider, bukod sa hindi alam ng mga tao ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon, hindi rin nila alam kung ano ang paglalarawan sa sarili nilang karakter, kung anong uri sila ng tao, at kung anong kalikasang diwa ang taglay nila; hindi malinaw sa kanila kung ano ang paglalarawan sa sarili nilang kakayahan, kung may abilidad ba silang makaarok o wala, o kung anong landas ang tinatahak nila. Pinanghahawakan pa rin nila ang mga makamundo at nauusong bagay na minamahal at pinahahalagahan nila sa puso nila, at walang tumutulong sa kanilang unawain, himayin, at suriin ang mga bagay na ito. Ito ang mga kahihinatnan ng gawain ng mga huwad na lider. Kapag lumilitaw ang mga problema, maaaring batikusin nila ang mga tao, basta-bastang kondenahin at akusahan ang mga ito, o bibigyan nila ang mga tao ng mga payo at aral na wala namang kaugnayan, o gagamitin nila ang mga salita ng Diyos para gumawa ng mga pilit, hindi tumpak na paghahambing. Naiisip ng mga nakakarinig sa kanila, “Parang nauunawaan ko ito, pero parang hindi rin—parang puwedeng naarok ko ang sinabi niya, pero puwedeng hindi rin. Bakit ganoon? Tama ang lahat ng sinasabi ng lider, pero bakit hindi ko maalis ang isyung ito sa puso ko? Bakit hindi ako makahanap ng resolusyon sa paghihirap na ito? Bakit ganito pa rin ako mag-isip at gusto ko pa ring gawin ang mga bagay na ito? Bakit hindi ko maunawaan kung nasaan ang diwa at ugat ng isyu? Sinasabi ng lider na hindi ko minamahal ang katotohanan, at inaamin kong hindi nga, pero bakit hindi ako makaalis sa kalagayang ito?” Nagkaroon ba ng anumang epekto ang mga lider na ito? Kahit na nagsalita at gumawa sila, napakagulo ng lahat ng ito, at hindi nito nakamit ang dapat na maging epekto nito. Hindi nila nabigyang-kakayahan

ang mga tao na maunawaan ang mga layunin ng Diyos, maihambing ang sarili ng mga ito sa mga salita ng Diyos, tumpak na maunawaan ang mga kalagayan ng mga ito, o malutas ang sariling mga paghihirap ng mga ito. Para naman sa mga tao na hindi nagbabago at walang kahihiyan na hindi talaga tinatanggap ang katotohanan, kapag naririnig nilang taimtim at matiyaga silang pinapaalalahanan ng mga lider na ito, masyado silang naaalibadbaran. Kasabay niyon, inuulit-ulit nila ang mga salitang sinasabi ng mga lider na ito—kapag natapos na ng mga lider ang unang parte, kayang ituloy ng mga tao na ito ang kasunod, at mabilis silang naiinip, sinasabing, “Huwag mo nang ituloy. Naarok ko na ang lahat ng sinasabi mo. Kung magpapatuloy ka pa, mahihilo at masusuka na ako!” Ipinagpapatuloy ng mga lider ang pagsasabi, “Sadyang hindi mo minamahal ang katotohanan. Kung minamahal mo ang katotohanan, mauunawaan mo ang lahat ng sinasabi ko.” Sumasagot sila, “Minamahal ko man ang katotohanan o hindi, napakaraming beses mo nang inulit ang mga salitang ito, wala nang bago sa mga ito, at nagsasawa na akong marinig ang mga ito!” Gumagawa ang mga huwad na lider sa ganitong paraan, mahigpit na sumusunod sa mga patakaran at tumutuon sa mga partikular na parirala, lubusang nabibigong lutasin ang mga tunay na paghihirap ng mga tao. Kung ang isang tao ay may mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, sinasabi ng mga huwad na lider na hindi kilala ng taong iyon ang sarili niya. Kung ang isang tao ay may masamang pagkatao, hindi nakakasundo ang mga tao, at walang normal na mga pakikipag-ugnayan sa mga tao, sinasabi ng mga huwad na lider na parehong mali ang taong iyon at ang isa pang taong sangkot, pareho silang sinesermonan, pareho silang sinisisi, sinasabing, “Sige, patas na kayong dalawa ngayon. Kailangan nating maging patas at makatwiran sa mga kilos natin, itrato ang lahat nang pantay-pantay nang walang anumang pagkiling. Ang sinumang nagsasalita nang may katwiran ay nagmamahal sa katotohanan, samantalang ang mga nagsasalita nang wala nito ay dapat nakatikom lang ang bibig, dapat nilang bawasan ang pagsasalita at dagdagan ang pagkilos sa hinaharap. Ang sinumang may sinasabing tama ay dapat na mas pakinggan.” Paglutas ba ito sa problema? Paggawa ba ito ng gawain? Hindi ba’t parang pagpapalubag-loob lang ito sa mga bata at panloloko sa mga tao? Puwedeng mukhang nagpapakaabala ang mga huwad na lider, pero hindi nila kayang lutasin ang mga problema ng sinuman. Gaano kaepektibo ang gawain nila? Walang kabuluhan at katawa-tawa ito! Ito ang mga kilos ng mga walang pananampalataya.

Sa kabuuan ng karanasan ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos, madalas silang nahaharap sa ilang paghihirap, at hindi kayang lutasin ng mga huwad na lider ang alinman sa mga iyon. Ni hindi kayang lutasin ng mga huwad na lider ang mga partikular na malinaw na paghihirap na kayang malutas gamit lang ang ilang salita, at gumagawa rin sila ng malaking komosyon tungkol sa mga iyon at pinapalaki nila ang bawat maliit na isyu. Hindi naman masama ang ilang tao, kaya lang, pagdating sa pagkatao nila, medyo wala silang modo, hindi sila nakakaunawa ng simpleng etiketa, at medyo salaula sila. Tinitingnan ng mga huwad na lider ang maliliit na isyung ito at gumagawa ng

malaking komosyon tungkol sa mga ito, hinihikayat ang mga kapatid na pag-usapan sila, punahin sila, at kondenahin sila, na pawang may layuning mag-iwan ng tumatagal na impresyon sa mga taong iyon, para hindi sila mangahas na patuloy na kumilos sa ganoong paraan. Kinakailangan ba ito? Isa ba itong paraan para lutasin ang mga problema? Paggamit ba ito sa katotohanan para lutasin ang mga isyu? (Hindi.) Basta't walang malalaking isyu sa pagkatao ng isang tao, at hindi masama ang taong iyon at kaya niyang taos-pusong gumugol ng sarili, kung ganoon, sa mga sitwasyon kung saan tumatanggap siya, sapat nang patuloy na gumawa sa kanya, bigyan siya ng mga paalala, tulong, pakikipagbahaginan, at suporta. Kung palaging aasal sa ganitong paraan ang mga tao, may problema sila sa karakter nila o may malupit silang disposisyon, at kung ganoon ay kinakailangan na ng mahigpit na pagpupungos at pagdidisiplina. Kung ayaw nila itong tanggapin, dapat ay masuspende ang tungkulin nila, o dapat silang mapaalis. Hindi ito makilatis ng mga huwad na lider, hindi rin sila kikilos sa ganitong paraan; kapag nahaharap sila sa gayong masasamang tao, tinatrato nila ang mga ito bilang mga kapatid, binibigyan ang mga ito ng tulong at suporta. Paggawa ba ito ng gawain? Paggamit ba ito sa katotohanan para lutasin ang mga isyu? (Hindi.) Ang gawain ng mga huwad na lider ay baligho, parang bata, at katawa-tawa, at walang anuman dito ang umaayon sa mga layunin ng Diyos. Sa lahat ng ginagawa nila, makikita mo na mga karaniwang tao sila, wala silang espirituwal na pang-unawa, at walang-ingat silang kumikilos nang walang mga prinsipyo. Gayundin, hindi nila makilatis o tumpak na maarok ang iba't ibang paghihirap na kinakaharap ng mga tao sa buhay pagpasok ng mga ito. Dahil dito, ang mga pagtatangka nilang lumutas ay tila masyadong di-pulido, hangal, at tulad ng sa isang karaniwang tao. Naaasiwa at napipigilan din ang mga taong tumatanggap sa tulong nila. Sa paglipas ng panahon, nawawalan pa nga ng pananalig ang ilan, sinasabing, "Napakaraming beses nang nakipagbahaginan sa akin ang lider, kaya bakit hindi pa ako nagbabago? Bakit patuloy akong bumabalik sa dati? Masyado bang mababa ang pagkatao ko, at hindi ba ako maliligtas?" Nagkikimkim pa ng mga pagdududa ang iba, sinasabing, "May mali ba sa espiritu ko? Gumagawa ba sa akin ang masasamang espiritu? Hindi ba ako ililigtas ng Diyos? Hindi ba't ibig sabihin niyon ay wala na akong pag-asa?" Ito ang mga kinahihinatnan ng gawain ng mga huwad na lider. Sa gawain nila, napagpapalit-palit nila ang mga bagay-bagay, at kumikilos sila sa isang walang kabuluhan, katawa-tawa, hangal, at di-pulidong paraan, na sa huli ay nagreresulta sa hindi agarang pagkalutas sa iba't ibang paghihirap na kinakaharap ng ilang tao na tunay na naghahangad sa katotohanan. Nagiging sanhi naman ito na lumitaw sa mga taong iyon ang pagkanegatibo at kahinaan, pati na ang ilang kuru-kuro at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos at sa gawain Niya. Sinasabi nila, "Napakarami ko nang nabasang salita ng Diyos, kaya bakit hindi malutas ang problema ko? Kaya ba talagang iligtas at baguhin ng mga salita ng Diyos ang mga tao?" Nagkakaroon ng pagdududa ang puso nila, at nakukulong sila sa kalituhan. Samakatwid, kapag gumagawa ng gawain ang mga huwad na lider, hindi sila nagbubunga ng maraming

positibong resulta, bagkus ay nagbubunga sila ng napakaraming negatibong bagay. Bukod sa nabibigo ang gawain nila na pawiin ang mga kuru-kuro, pagdududa, at paghusga ng mga tao tungkol sa Diyos, sa kabaligtaran, pinapalala pa nito ang mga maling pagkaunawa at pagiging mapagbantay ng mga ito laban sa Diyos. Kahit pagkatapos ng maraming taon ng pananalig, hindi pa rin nalulutas ang mga isyu ng mga tao na ito. Habang nililigaw at nililihis sila ng mga huwad na lider, lumalalim ang mga maling pagkaunawa at pagbabantay nila laban sa Diyos. Kung ganito ang nangyayari, kaya ba nilang magtamo ng buhay pagpasok?

Ang pagkaunawa ng mga huwad na lider sa mga positibong bagay na tulad ng katotohanan at ng pagbabago sa disposisyon ng tao ay nakakaimpluwensiya sa mga pananaw at saloobin ng maraming tao sa mga positibong bagay. Isang bagay ito kapag hindi gumagawa ng anumang gawain ang mga huwad na lider—sa sandaling magsimula silang gumawa, umuusbong ang mga paglihis at lumilitaw ang masasamang kahihinatnan. Nagkakaroon ng hindi wastong kapaligiran sa mga iglesiang ito, ibig sabihin, madalas na nakakabuo ng ilang mali at katawa-tawang kasabihan, at hindi nauunawaan ng mga tao roon ang mga espirituwal na terminong madalas na binabanggit sa mga salita ng Diyos o kung paano gamitin ang mga iyon, habang ang mga diumano'y espirituwal na termino at kasabihang madalas sabihin ng mga huwad na lider na ito ay malawak na ipinapakalat saanman sa mga iglesiang ito. Hindi maliit ang epekto ng mga bagay na ito sa mga tao: Bukod sa hindi nakakatulong ang mga ito sa mga tao na magkamit ng mas praktikal at mas tumpak na kaalaman sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, o hindi sila nabibigyang-kakayahang makahanap ng tumpak na landas ng pagsasagawa sa mga salita Niya, sa kabaligtaran, ang totoo ay idinudulot pa ng mga ito na magkaroon ang mga tao ng mas baluktot, teoretikal, at batay sa doktrinang kaalaman sa katotohanan, at kasabay nito, dahil sa mga ito ay mas naguguluhan ang mga tao tungkol sa landas ng pagsasagawa. Sa paggawa niyon, nakakahadlang ang mga huwad na lider sa paningin ng mga tao at nakakaapekto sa dalisay nilang pagkaarok sa katotohanan. Ano ang epekto ng mga huwad na lider sa paggawa ng mga bagay na ito? Anong papel ang ginagampanan nila? Bagama't medyo kalabisan naman ang paglalarawan sa kanila bilang nakakagulo at nakakagambala, ang pagtawag sa kanilang mga hangal na nagpapakaabala ay hindi talaga kalabisan. Noong kasisimula Ko lang sa yugtong ito ng gawain, may ilang indibidwal Akong nakilala, at habang pinakikinggan Ko silang mag-usap, nagtanong ang isa sa kanila tungkol sa sitwasyon ng isang tao, at biglang sinabi ng isang tao ang mga salitang, "Natupok na siya." Nang tanungin Ko, "Natupok? Ano ang ibig sabihin niyon?" sumagot ito, "Ang ibig sabihin ng natupok ay natanggal na ang isang tao at siguro ay tumigil na sa pananampalataya." Sabi Ko, "Medyo malupit ang terminong ito—hindi ito nagbibigay ng anumang kaluwagan sa taong iyon. Kahit kailan ba ay may sinabi Akong gayong bagay? Paanong hindi Ko alam ang tungkol sa terminong ito? Kailanman ay hindi Ko inilarawan ang isang tao sa ganitong paraan, o sinabi na kung titigil ang isang tao sa paggawa ng tungkulin niya o

lalayo sa Diyos ay ‘matutupok’ siya. Paano lumitaw ang terminong ito?” Kalaunan, natuklasan Kong nagsimula ang pariralang ito sa isang matandang mananampalataya, isang matandang mapagmarunong. Malawak ang kaalaman niya, matagal na siyang nananampalataya sa Diyos, at may senyoridad siya. Nang sabihin niya ang pariralang ito, hindi gumamit ng pagkilatis ang grupong iyon ng mga naguguluhang tao at napulot nila ito sa kanya, at naging sikat na ang pariralang ito. Sa palagay ba ninyo ay tama ang pariralang ito? May batayan ba ito? Tumpak ba ito? (Hindi, hindi ito tumpak.) Paano natin ito dapat tratuhin? Dapat ba itong pahintulutang magpatuloy sa iglesia? (Hindi, hindi dapat.) Dapat itong ilantad at punahin, at lutasin mula sa ugat nito. Pagkatapos, sa pamamagitan ng pagpuna at paghihimay, hindi na nangahas ang mga naguguluhang taong ito na ipagpatuloy ang pagsasabi rito, pero puwedeng palihim pa rin itong ginagamit ng ilang indibidwal na hindi nasabihan kapag sila-sila lang. Siguro ay iniisip ng mga taong iyon na isa itong napakaespirituwal na pariralang nagmula sa isang “kilalang tao” at naniniwala silang dapat na patuloy itong gamitin. Ginawa na ba ng mga lider ninyo ang parehong mga gawi? Negatibo na ba nilang naapektuhan ang inyong buhay pagpasok, pagbabago sa disposisyon, o ang landas na tinatahak ninyo? (Dati, noong nangangaral ng ebanghelyo, minsang sinabi ng isang huwad na lider, “Nilulupig tayo ng Diyos sa pamamagitan ng paghatol at pagkastigo, kaya kapag nangangaral tayo ng ebanghelyo sa mga relihiyosong tao, kailangan natin silang kausapin gamit ang isang mabagsik na tono, at sermunan sila; saka lang sila malulupig.”) Maaaring makatwirang pakinggan ang pahayag na ito, pero naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo? Itinuro ba ng Diyos sa mga tao na gawin ito? Sinasabi ba ng salita ng Diyos na, “Kapag malawak na ipinapangaral ang ebanghelyo, dapat kang tumindig at mamahala sa mga tao gamit ang kamay na bakal, gumamit ng paghatol at pagkastigo para malawak na ipangaral ang ebanghelyo”? (Hindi.) Kaya, saan nanggaling ang pahayag na ito? Malinaw na isa itong teoryang galing sa imahinasyon ng isang huwad na lider na walang espirituwal na pang-unawa. Sa panlabas, puwedeng tila hindi problematiko ang pahayag na ito: “Ang buong sangkatauhan ay dapat na sumailalim sa paghatol at pagkastigo ng Diyos. Kung hindi nila ito kayang direktang tanggapin mula sa mga salita ng Diyos, hindi ba nila ito kayang tanggapin nang hindi direkta? Ano’t anuman, iyon ang epektong nilalayong makamit ng mga salita ng Diyos—ang lupigin ang buong sangkatauhan. Hindi ba’t mas makakabuti para sa kanilang matanggap ito sa lalong madaling panahon? Bago kumilos ang Diyos, gagamitin natin ang paraan ng pag-iingat na ito, para magkaroon ang mga tao ng isang uri ng panangga. Pagkatapos, kapag tunay na silang hinahatulan at kinakastigo ng Diyos, hindi maghihimagsik, lalaban, o magkakanulo sa Diyos ang mga taong iyon. Maiiwasan nitong masaktan ang damdamin ng Diyos. Hindi ba’t mabuting bagay iyon?” Sa panlabas, tila tama ang bawat pangungusap, at sa pananalitang batay sa doktrina, parang lohikal ito. Gayumpaman, isa ba itong katotohanang prinsipyo? Ano ang mga tuntuning mayroon ang sambahayan ng Diyos sa pangangaral ng ebanghelyo? Hinihingi ba nitong gawin

ito ng mga tao? (Hindi.) Samakatwid, hindi makatwiran ang teoryang ito, at ang taong nagpanukala nito ay isang huwad na lider.

Madalas magkunwari ang mga huwad na lider na espirituwal sila, bumibigkas sila ng ilang parang kapani-paniwalang panlilinlang para iligaw at ilihis ang mga tao. Bagama't maaaring tila hindi problematiko ang mga panlilinlang na ito sa panlabas, may mapaminsalang impluwensiya ang mga ito sa buhay pagpasok ng mga tao, ginugulo, inililigaw, at hinahadlangan ang mga tao mula sa pagtahak sa landas ng paghahangad sa katotohanan. Dahil sa mga huwad na espirituwal na salitang ito, nagkakaroon ng pagdududa at paglaban sa mga salita ng Diyos ang ilang tao, nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro, at maging ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos at nagiging mapagbantay sila laban sa Diyos, at pagkatapos ay lumalayo sila sa Kanya. Ito ang epekto sa mga tao ng mga nagpapanggap na espirituwal na kasabihan ng mga huwad na lider. Habang inililigaw at iniimpluwensiyahan ng isang huwad na lider ang mga miyembro ng isang iglesia, nagiging isang relihiyon ang iglesiang iyon, gaya ng Kristiyanismo o Katolisismo, kung saan sumusunod lang ang mga tao sa mga kasabihan at turo ng tao. Lahat sila ay sumasamba sa mga turo ni Pablo, umaabot pa sa puntong ginagamit nila ang kanyang mga salita bilang kapalit ng mga salita ng Panginoong Jesus, sa halip na sumunod sa daan ng Diyos. Bilang resulta, lahat sila ay nagiging mapagpaimbabaw na mga Pariseo at anticristo. Dahil dito, isinusumpa at kinokondena sila ng Diyos. Gaya ni Pablo, itinataas at pinapatotohanan ng mga huwad na lider ang sarili nila, inililigaw at ginugulo nila ang mga tao. Inililihis nila ang mga tao at inaakay sa mga ritwal na panrelihiyon, at nagiging katulad na rin ng sa mga relihiyosong tao ang paraan ng pananampalataya ng mga taong ito sa Diyos, na nakakaantala sa pagpasok ng mga ito sa tamang landas sa pananalig ng mga ito sa Diyos. Palaging inililigaw at ginugulo ng mga huwad na lider ang mga tao, at dahil dito, gumagawa ang mga taong iyon ng samot-saring nagpapanggap na espirituwal na teorya at kasabihan. Ang mga teorya, kasabihan, at pagsasagawang ito ay lubos na salungat sa katotohanan, at walang anumang kinalaman dito. Pero habang inililigaw at inililihis ng mga huwad na lider ang mga tao, ang mga bagay na ito ay itinuturing nilang mga positibong bagay, bilang ang katotohanan. Mali nilang pinaniniwalaan na ang mga ito ang katotohanan, at iniisip nila na hangga't naniniwala sila sa mga bagay na ito sa kanilang puso at mahusay nilang nasasabi ang mga ito, at hangga't sinasang-ayunan ng lahat ang mga bagay na iyon, ay nakamit na nila ang katotohanan. Dahil inililigaw ng mga saloobin at pananaw na ito, hindi lamang hindi maunawaan ng mga tao ang katotohanan, kundi hindi rin nila maisagawa o maranasan ang mga salita ng Diyos, lalo na ang magawang pumasok sa katotohanang realidad. Sa kabaligtaran, lalo pa silang napapalayo sa mga salita ng Diyos at lalo pang napapalayo sa pagpasok sa katotohanang realidad. Sa teorya, walang mali sa mga salitang sinasabi ng mga huwad na lider at sa mga islogang isinisigaw nila, tama ang lahat ng iyon. Kung gayon ay bakit wala silang anumang nakakamit? Ito ay dahil napakababaw lang ng nauunawaan at naaarok ng mga huwad

na lider. Puro doktrina ang lahat ng ito, na walang kinalaman sa katotohanang realidad sa mga salita ng Diyos, sa mga hinihingi ng Diyos o sa Kanyang mga layunin. Ang katunayan ay lahat ng doktrinang ipinangangaral ng mga huwad na lider ay kulang na kulang sa katotohanang realidad—para maging tumpak, walang kinalaman ang mga iyon sa katotohanan ni sa mga salita ng Diyos. Kaya, kapag madalas na binibigkas ng mga huwad na lider ang mga salita at doktrinang ito, saan ito nakaugnay? Bakit ba palagi silang hindi makapasok sa katotohanang realidad? Ito ay direktang nakaugnay sa kakayahan ng mga huwad na lider. Tiyak na tiyak na ang mga huwad na lider ay may mahinang kakayahan at walang abilidad na maarok ang katotohanan. Kahit ilang taon pa silang sumampalataya sa Diyos, hindi nila mauunawaan ang katotohanan o hindi sila magkakaroon ng buhay pagpasok, at masasabi rin na kahit ilang taon pa silang sumampalataya sa Diyos, hindi magiging madali para sa kanila na pumasok sa katotohanang realidad. Kung hindi matatanggal ang isang huwad na lider, at pahihintulutang manatili sa kanyang posisyon, anong uri ng mga kahihinatnan ang mangyayari? Parami pa nang paraming tao ang mahahatak ng pamumuno niya sa mga relihiyosong ritwal at regulasyon, sa mga salita at doktrina, at sa malalabong kuru-kuro at imahinasyon. Taliwas sa mga anticristo, hindi inaakay ng mga huwad na lider ang mga tao na humarap sa kanila o kay Satanas, pero kung hindi nila maaakay ang hinirang na mga tao ng Diyos sa katotohanang realidad ng mga salita ng Diyos, matatamo ba ng hinirang na mga tao ng Diyos ang pagliligtas ng Diyos? Magagawa ba silang perpekto ng Diyos? Talagang hindi. Kung ang hinirang na mga tao ng Diyos ay hindi makapapasok sa katotohanang realidad, hindi ba't namumuhay pa rin sila sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas? Hindi ba't mga imoral pa rin sila na nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas? Hindi ba't ibig sabihin nito ay mapapahamak sila sa mga kamay ng mga huwad na lider? Iyon ang dahilan kung bakit halos pareho ang mga kahihinatnan ng gawain ng mga huwad na lider at ng mga anticristo. Pareho nilang hindi matutulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos na maunawaan ang katotohanan, makapasok sa realidad, at matamo ang kaligtasan. Pareho nilang pinipinsala ang hinirang na mga tao ng Diyos at dinadala ang mga ito sa pagkawasak. Parehong-pareho ang mga kinahinatnan.

Ano ang ilan sa mga mali at nakalilinlang na paniniwala ng mga huwad na lider? Ibuod ninyo ang mga iyon mamaya. Iniiwan Ko sa inyo ang takdang araling ito para makita kung nakikilatis ninyo ang mga iyon. Kahit kailan ba ay nagsabi na ang mga lider sa paligid ninyo ng ilang salita na espirituwal o naaayon sa mga sentimyento ng tao at, sa panlabas, parang tama at naaayon sa katotohanan pero hindi nakakapagtustos para sa buhay pagpasok mo at hindi nakakalutas ng mga aktuwal mong problema? Kung wala kang pagkilatis sa mga salitang ito at pinahahalagahan at isinasapuso mo pa ang mga ito, hinahayaan ang mga itong mangibabaw sa iyo at mag-akay sa iyo sa lahat ng oras, at impluwensiyahan ang mga iniisip at asal mo sa lahat ng oras, hindi ba't medyo malubha ang mga kahihinatnan nito? (Oo.) Kung ganoon ay mahalagang ungkatin ninyo ang ugat ng mga isyung ito, para makita kung anong mga bagay ang mga mali at

nakalilinlang na paniniwalang nakakababa sa mga tao hanggang sa puntong nagiging relihiyosong paniniwala na ang pananalig nila sa Diyos, na nagreresulta sa paglaban nila sa Diyos at pagtanggi sa kanila ng Diyos. Halimbawa, ipagpalagay nang sinasabi ng isang tao, “Huwag kang magsikap na maging isang lider. Kung matatanggal o matitiwalag ka pagkatapos maging lider, ni hindi ka magkakaroon ng pagkakataong maging isang karaniwang mananampalataya.” Isa bang mali at nakalilinlang na paniniwala ng mga huwad na lider ang ganitong uri ng pananalita? (Oo.) Ganoon ba? Dapat na mapag-iba ang mga mali at nakalilinlang na paniniwala ng mga huwad na lider mula sa mga mali at nakalilinlang na paniniwala ng mga anticristo; huwag ninyong paghalu-haluin ang mga iyon. Ano ang ibig sabihin ng taong iyon sa pagsasabi ng mga gayong bagay? Anong mga motibasyon ang nakatago sa mga salitang ito? May kahina-hinalang bagay bang nakapaloob sa mga iyon? Malinaw na naglalaman ang mga iyon ng isang panlalansing naglalayong manlihis ng mga tao, ang ibig sabihin ng mga iyon ay na dapat iwasan ng ibang taong magsikap na maging lider, na hindi magiging maganda ang kalalabasan ng paggawa niyon. Ang pakay nila sa pagsasabi nito ay hikayatin ang mga taong talikuran ang ideya na maging isang lider para walang sinumang makikipagkompetensiya sa kanila para sa reputasyon at katayuan, sa gayon ay binibigyang-daan silang mapanatag sa pagiging lider habambuhay. Kasabay niyon, sinasabi nila sa mga tao, “Ganito tinatrato ng sambahayan ng diyos ang mga lider at manggagawa, iniaangat ka nito kapag kailangan ka nito at kapag hindi, sinisipa ka nito papunta sa pinakamababang antas, hindi ka binibigyan ng pagkakataong maging karaniwang mananampalataya man lang.” Ano ang kalikasan ng mga salitang ito? (Paglapastangan sa Diyos.) Anong uri ng tao ang nagsasabi ng mga salitang lumalapastangan sa Diyos? (Isang anticristo.) Nakapaloob sa mga salitang ito ang dalawang masamang intensyon na puwedeng humantong sa dalawang kahihinatnan: Ang isa ay ang pagsasabi sa iba na huwag talagang makipagkompetensiya para sa katayuan, na nagtitiyak na nananatiling matatag ang sarili nilang katayuan; ang isa naman ay ang pagdudulot sa iyong magkamali ng pagkaunawa sa Diyos, tumigil sa pananampalataya sa Diyos at sa halip ay magsimulang maniwala sa kanila. Ito ang pinakalantarang uri ng anticristo. Parang wala kayong abilidad na makaarok; nagsabi na Ako dati ng mga halimbawa nito. Bukod sa pabaya at mahina ang memorya ninyo, wala rin kayong abilidad na makaarok. Ni hindi ninyo kayang kilatisin ang ganoon kalinaw na anticristo. Magsasabi ba ang mga huwad na lider ng mga gayong bagay? Sadya at lantaran ba silang manlilihis ng mga tao at lalaban sa Diyos? (Hindi.) Kahit na sa panlabas ay maaaring tila hindi problematiko ang mga bagay na sinasabi at ginagawa ng mga huwad na lider, ang gawain nila ay walang mga prinsipyo at hindi magtatamo ng mga resulta. Ang mga huwad na lider ay hindi kayang lutasin ang anuman sa mga problema ng mga tao, dalhin ang mga ito sa tamang landas ng pananalig sa Diyos, o akayin ang mga ito sa harapan ng Diyos. Tama ang lahat ng sinasabi nila, hindi talaga sila nagkulang sa gawain nila, may sigasig at marubdob na damdamin sila, at sa

panlabas ay parang may pananalig sila, may kapasyahan, at handa silang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga. Dagdag pa rito, tila pambihira ang pagtitiis nila at nakakapagpursige sila sa kabila ng lahat ng uri ng pagod at paghihirap. Kaya lang ay mahina ang kanilang kakayahan at abilidad na makaarok, at wala silang tumpak na pagkaarok sa katotohanan. Ano ang ginagawa nila tungkol sa kawalan ng abilidad na makaarok na ito? Gumagamit sila ng mga patakaran at doktrina, pati na ng mga espirituwal na teoryang madalas nilang tinatalakay, para lutasin ang problemang ito. Pagkalipas ng ilang taon sa ilalim ng pamumuno nila, lumilitaw sa mga tao ang iba't ibang uri ng mga doktrina, patakaran, at panlabas na pagsasagawa. Sinusunod ng mga tao ang mga doktrina, patakaran, at pagsasagawang ito, at naniniwala silang isinasagawa nila ang katotohanan at pumapasok sila sa katotohanang realidad, pero ang totoo, napakalayo pa rin nila sa katotohanang realidad! Sa sandaling mapuno, mapangibabawan, at maakay ng mga bagay na ito ang puso ng mga tao, magiging mahirap na ang magkaroon ng resolusyon. Ang bawat isa ay dapat na isa-isang mahimay at masuri para maunawaan ng mga tao ang mga ito. Pagkatapos, dapat na masabi sa mga tao kung ano ang katotohanan, ang mga doktrina, islogan, at patakaran, at kung ano ang tamang pagkaarok sa katotohanan, sa mga tumpak na kasabihan, at sa mga katotohanang prinsipyo. Ang lahat ng ito ay kailangang lutasin nang isa-isa; kung hindi, malilihis at masisira ng mga huwad na lider ang mga taong medyo may mabuting asal, sumusunod sa mga panuntunan, at naghahangad sa espirituwalidad. Ang mga taong ito ay maaaring tila deboto, kayang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga, at nakakapagdasal kapag may mga bagay na nangyayari sa kanila. Gayumpaman, katulad lang ng mga relihiyosong tao, nang bumalik ang Diyos, wala sa kanila ang nakakakilala sa Kanya, wala sa kanila ang kumikilala na gumagawa ulit ng bagong gawain ang Diyos, at nilalabanan nilang lahat ang Diyos. Bakit ganito? Ito ay dahil nalihis na sila ng mga huwad na lider at anticristo—napinsala at nasira na ng mga ito ang maraming taos-pusong mananampalataya ng Diyos.

Ang mga huwad na lider ay nagsasabi lang ng mga salita at doktrina—ang ipinauunawa nila sa mga tao ay doktrina lang at hindi ang katotohanan, at ang ipinapakita nila sa mga tao ay huwad na espirituwalidad lang. Ano ang mga kahihinatnan ng pagsasabi ng mga salita at doktrina? Huwad na espirituwalidad, huwad na pagkaunawa, huwad na kaalaman, huwad na pagsasagawa, at huwad na pagsunod—ang lahat ng ito ay huwad. Paano ba nagsisimula ang "pagiging huwad" na ito? Ito ay dulot ng pagkakaroon ng mga huwad na lider ng baluktot, may kinikilingan, at mababaw na pagkaarok sa katotohanan, at ng ganap na pagkabigo nilang arukin ang diwa ng katotohanan. Binibigyan ng mga huwad na lider ang mga tao ng maraming panuntunan, salita at doktrina, pati na ng ilang islogan at teorya. Hindi talaga nauunawaan ng mga taong iyon ang tunay na mga layunin ng Diyos, at kapag nahaharap sila sa iba't ibang masalimuot na sitwasyon, hindi nila alam kung paano pangangasiwaan at haharapin ang mga iyon, o kung paano aarukin ang mga layunin ng Diyos. Kaya bang humarap sa

Diyos ng mga gayong indibidwal? Kaya ba nilang tanggapin ang Diyos at itigil ang paglaban sa Kanya? Hindi, hindi nila kaya. Samakatwid, napakahalaga sa inyo at kailangan ninyong ibuod ang mga mali at nakalilinlang na paniniwala ng mga huwad na lider at magkaroon kayo ng pagkilatis sa mga iyon. Kapag nagbubuod, mahalagang mapag-iba ang mga iyon sa mga nakalilinlang na paniniwalang ginagamit ng mga anticristo para manlihis ng mga tao. Tungkol naman sa pangalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang maging pamilyar sa mga kalagayan ng bawat uri ng tao, at lutasin ang iba't ibang paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok na nararanasan nila sa tunay nilang buhay—dito na natin tatapusin ang pagbabahaginan natin sa paghihimay sa iba't ibang pagsasagawa ng mga huwad na lider at sa diwa ng mga isyu sa mga huwad na lider.

Ikatlong Aytem: Ibahagi ang mga Katotohanang Prinsipyo na Dapat Maunawaan Para Magampanan Nang Maayos ang Bawat Tungkulin (Unang Bahagi)

Kaya Lang ng mga Huwad na Lider na Magsabi ng mga Salita at Doktrina Para Manghikayat sa mga Tao

Susunod, pagbabahaginan natin ang tungkol sa pangatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang ibahagi ang mga katotohanang prinsipyo na dapat maunawaan para magampanan nang maayos ang bawat tungkulin. Mahalaga at pundamental na gawain ito ng mga lider at manggagawa, at pagbabahaginan at hihimayin natin ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider batay sa responsabilidad na ito. Ang abilidad ng isang lider o manggagawa na malinaw na magbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyong dapat maunawaan ng mga tao para magawa nang maayos ang mga tungkulin ng mga ito ang pinakamainam na indikasyon kung nagtataglay ba sila ng katotohanang realidad, at ito ang susi sa pagtukoy kung kaya nilang gumawa ng tunay na gawain nang maayos. Ngayon, tingnan natin kung paano pinangangasiwaan ng mga huwad na lider ang gawaing ito. Ang isang katangian ng mga huwad na lider ay ang kanilang kawalan ng abilidad na ipaliwanag o linawin nang lubusan ang anumang isyu na may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo. Kapag may naghahanap mula sa kanila, ilang hungkag na salita at doktrina lang ang kaya nilang sabihin sa mga ito. Kapag nahaharap sa mga problemang nangangailangan ng solusyon, madalas silang sumasagot ng pahayag na tulad ng, "Eksperto kayong lahat sa paggawa ng tungkuling ito. Kung may mga problema kayo, dapat kayo mismo ang lumutas sa mga ito. Huwag ninyo akong tanungin; hindi ako eksperto, at hindi ko nauunawaan ito. Kayo mismo ang umayos nito." Maaaring sumagot ang ilang tao, "Tinatanong ka namin dahil hindi namin malutas ang problema; hindi ka namin tatanungin kung kaya naman namin. Hindi namin nauunawaan ang problemang ito na may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo." Tumutugon ang mga huwad na lider, "Hindi ba't nasabi ko na sa iyo ang mga prinsipyo?

Gawin mong mabuti ang iyong mga tungkulin, at huwag kang lumikha ng mga kaguluhan o pagkagambala. Ano pa ang tinatanong mo? Pangasiwaan mo ito ayon sa paraang sa tingin mo ay angkop! Nasabi na ang mga salita ng Diyos: Unahin ang mga interes ng sambahayan ng Diyos.” Litong-lito ang mga taong iyon, iniisip nila, “Hindi ito solusyon sa problema!” Ganito tinatrato ng mga huwad na lider ang gawain; sinusuri lang nila ito, iniraraos lang ang mga gawain, at hindi nila kailanman hinaharap ang mga problema. Anuman ang mga isyung inuulat ng mga tao, sinasabi ng mga huwad na lider na ang mga ito na ang maghanap sa katotohanan. Madalas nilang tanungin ang mga tao, “Mayroon ba kayong anumang problema? Kumusta ang inyong buhay pagpasok? Ginagawa ba ninyo ang inyong mga tungkulin nang pabasta-basta?” Sumasagot ang mga taong iyon, sinasabing, “Paminsan-minsan, napapansin kong nagiging pabasta-basta ako, at sa pamamagitan ng panalangin, nalulutas ko ito at nababago ko ang sarili ko, ngunit hindi ko pa rin nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo sa paggawa ng aking tungkulin.” Sinasabi ng mga huwad na lider, “Hindi ba’t ibinahagi ko na sa iyo ang mga partikular na prinsipyo noong huling pagtitipon? Binigyan pa nga kita ng ilang sipi ng mga salita ng Diyos. Hindi ba’t dapat ay nauunawaan mo na ngayon?” Sa katunayan, nauunawaan nila ang lahat ng doktrina, ngunit hindi pa rin nila nalulutas ang kanilang mga problema. Naglilitanya pa nga ang mga huwad na lider ng mga salitang matayog kung pakinggan, “Bakit hindi mo ito malutas? Hindi mo lang nabasa nang sapat na mabuti ang mga salita ng Diyos. Kung mas mananalangin at mas magbabasa ka pa ng mga salita ng Diyos, malulutas ang lahat ng problema mo. Kailangan ninyong matutong mag-usap-usap at maghanap ng paraan nang magkakasama, saka malulutas ang inyong mga problema kalaunan. Tungkol naman sa mga propesyonal na isyu, huwag ninyo akong tanungin; ang responsabilidad ko ay ang suriin ang gawain. Natapos ko na ang gampanin ko, at ang natitira ay mga propesyonal na usapin, na hindi ko nauunawaan.” Madalas gumagamit ang mga huwad na lider ng mga dahilan at palusot tulad ng “Hindi ko nauunawaan, hindi ko ito kailanman natutuhan, hindi ako eksperto” upang iwasan ang mga tao at takasan ang mga tanong. Maaaring mukha silang napakamapagpakumbaba; gayumpaman, nilalantad nito ang isang malubhang isyu sa mga huwad na lider—wala silang anumang pag-unawa sa mga problemang may kinalaman sa propesyonal na kaalaman sa ilang gampanin, pakiramdam nila ay wala silang kapangyarihan at mukha silang asiwang-asiwa at nahihiya. Ano ang ginagawa nila kung gayon? Kaya lamang nilang tipunin ang ilang sipi ng mga salita ng Diyos upang ibahagi sa lahat sa mga pagtitipon, tinatalakay ang ilang doktrina upang hikayatin ang mga tao. Ang mga lider na may kaunting kabutihan ay maaaring magpakita ng malasakit sa mga tao at tanungin sila paminsan-minsan, “May mga kinaharap ba kayong suliranin sa inyong buhay kamakailan? May sapat ba kayong damit na masusuot? Mayroon bang sinuman sa inyo ang hindi umaasal nang maayos?” Kung sasabihin ng lahat na wala silang mga ganoong isyu, sasabihin nila, “Kung gayon ay walang problema. Ipagpatuloy ninyo ang inyong gawain; may iba pa akong kailangang asikasuhin,” at agad na silang

umaalis, natatakot sila na may magtanong at hilingin sa kanila na ayusin ito, inilalagay sila sa nakakahiyang sitwasyon. Ganito gumagawa ang mga huwad na lider—hindi nila kayang lutasin ang anumang tunay na problema. Paano nila epektibong maisasagawa ang gawain ng iglesia? Dahil dito, humahadlang kalaunan sa gawain ng iglesia ang mga naipong isyu na hindi nalutas. Pangunahin itong katangian at pagpapamalas ng kung paano gumawa ang mga huwad na lider.

Sa gawain nila, masigasig lang ang mga huwad na lider sa pangangaral, at pinakagusto nilang magsabi ng mga salita at doktrina, at magsabi ng mga salita para hikayatin at pagaanin ang loob ng mga tao, iniisip na basta't nahihikayat nila ang mga taong maging masigla at abala sa paggampan ng mga tungkulin ng mga ito, pareho na rin ito ng paggawa ng mahusay na trabaho. Dagdag pa rito, maalab ang damdamin ng mga huwad na lider sa pagmamalasakit sa kalagayan ng pang-araw-araw na buhay ng bawat tao. Madalas nilang tinatanong ang mga tao kung nakakaharap ang mga ito ng anumang paghihirap tungkol doon, at kung talagang nakakaharap ng paghihirap ang sinuman, handa silang tumulong na lutasin ang mga paghihirap na ito. Talagang nagpapakaabala sila sa mga pangkalahatang usaping ito, kung minsan ay ipinagpapaliban pa ang pagkain, at madalas na nagpupuyat at gumigising nang maaga. Kahit napakaabala nila at nagtatrabaho sila nang husto, bakit nananatiling hindi nalulutas ang mga problema sa gawain ng iglesia at ang mga paghihirap na hinaharap ng hinirang na mga tao ng Diyos sa paggawa ng mga tungkulin ng mga ito? Ito ay dahil hindi kailanman kayang ipaliwanag nang malinaw ng mga huwad na lider ang mga katotohanang prinsipyong may kaugnayan sa paggawa ng mga tungkulin. Ang mga salita at doktrina, at panghihikayat na sinasabi nila ay ganap na hindi epektibo at hindi talaga kayang lumutas ng tunay na mga isyu. Gaano man karami ang sinasabi nila o gaano man sila kaabala o kapagod, hindi kailanman umuusad ang gawain ng iglesia. Kahit na sa panlabas ay tila ginagawa ng lahat ang mga tungkulin nila, hindi sila nagkakamit ng maraming aktuwal na resulta, dahil hindi nagagawang makipagbahaginan ng mga huwad na lider sa mga katotohanang prinsipyong nauugnay sa paggawa ng mga tungkulin, o nagagamit ang katotohanan para lutasin ang tunay na mga isyu—samakatwid, hindi sila nakakalutas ng maraming isyung umiiral sa paggampan ng mga tungkulin. Halimbawa, minsan ay kinailangan ng sambahayan ng Diyos na magpaimprenta ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, at kinailangang pumili ng lider ng dalawang indibidwal na mangangasiwa sa gampaning ito. Ano ang mga pamantayan sa pagpili ng mga tao? Dapat ay medyo mabuti ang pagkatao nila, dapat ay maaasahan sila, at kaya nilang sumuong sa mga panganib. Pagkatapos mapili ang mga indibidwal, sinabi sa kanila ng lider na ito, "Ngayong araw, ipinatawag ko kayong dalawa para ipagkatiwala sa inyo ang isang bagay: May aklat na kailangang ipaimprenta ang sambahayan ng Diyos, at kailangan ko kayong humanap ng pabrika ng pag-iimprenta, at pagkatapos maimprenta ang lahat ng kopya, dapat ay agaran ninyong maipamahagi ang mga iyon sa hinirang na mga tao ng Diyos, para makakain at makainom sila ng mga salita ng Diyos nang

walang pagkaantala. Determinado ba kayong isakatuparan ang gampaning ito? Handa ba kayong akuin ang pasanin at panganib na ito?" Naniwala ang dalawang indibidwal na ito na pagtataas ito ng Diyos sa kanila, kaya sumang-ayon sila. Pagkatapos ay tinanong sila ng lider, "Mayroon ba kayong determinasyon na tuparin ang atas ng Diyos? Handa ba kayong sumumpa?" Pagkatapos ay sumumpa ang dalawang indibidwal, sinasabi, "Kung hindi namin kayang tuparin ang atas ng Diyos at mabubulilyaso namin ang gampaning ito, na magdudulot ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos, tamaan nawa kami ng kidlat at kulog mula sa langit. Amen!" Sinabi ng lider, "Isa pa, kailangan nating magbahaginan tungkol sa katotohanan. Sa paggawa ng gawaing ito ngayon, nagnenegosyo ba kayo? Hinihingi ba sa inyong magtrabaho bilang empleyado?" Sumagot ang dalawang indibidwal, "Hindi, tungkulin namin ito." Sinabi ng lider, "Dahil tungkulin ninyo ito, dapat ninyong suklian ang pagmamahal ng Diyos. Hindi ninyo puwedeng pasamain ang loob ng Diyos o pag-alalahin Siya. Hindi sapat ang maging handang sumuong sa panganib; kailangan ninyong gawin ang tungkulin ninyo nang may katapatan. Kapag nakaharap kayo ng mga isyu, dapat ay mas magdasal kayo at sumangguni sa isa't isa. Huwag kayong maging sutil o kumilos ayon sa sarili ninyong kalooban. Bakit ko kayo ipinaris para makipagtulungan sa isa't isa? Ito ay para matalakay ninyo ang mga bagay-bagay kapag may mga nangyayari, na magpapadali para sa inyong kumilos. Kung hindi kayo magkasundo, magdasal kayo. Dapat bitiwan ng bawat tao ang sarili nilang mga opinyon, at kumilos lang kapag may napagkasunduan na kayo. Umaasa ako na matatapos ninyo nang matagumpay ang gawaing ito!" Sa wakas, nakahanap ang lider na ito ng isang sipi ng mga salita ng Diyos tungkol sa paraan ng paggawa nang maayos sa tungkulin ng isang tao, at silang tatlo ay dinasal-binasa ito nang ilang beses. Pagkatapos niyon, itinuring na naipagkatiwala na sa kanila ang bagay na iyon, at itinuring nang natupad ang responsabilidad ng lider. Kumusta ang paggampan ng lider sa gawaing ito? Medyo kontento ang lider, ganoon din ang dalawang indibidwal na iyon. Nagkomento ang mga nagmamasid, "May kaunting nalalaman talaga ang lider na ito sa paggawa ng gawain; napakaorganisado at napakamakatwiran ng pananalita niya, at hakbang-hakbang ang paggawa niya sa mga bagay-bagay. Una, itinalaga niya ang gampanin sa dalawang iyon, pagkatapos, nilutas niya ang mga isyu nila na may kinalaman sa mga kaisipan at pananaw, at panghuli, nagsabi siya ng ilang mahigpit na salita, hinihimok silang manumpa at mangako. Talagang ginawa niya ang gawaing ito sa isang sistematikong paraan, at talagang karapat-dapat siya sa titulo ng lider—bihasa siya at nagdadala ng pasanin." Sa huli, sinabi sa kanila ng lider, "Tandaan ninyo ito: Hindi isang madaling gampanin ang pagpapaimprenta ng mga aklat, hindi ito isang bagay na kayang akuin ng isang karaniwang tao. Hindi ako o ang sambahayan ng Diyos ang nagkatiwala sa inyo ng gawaing ito; isa itong atas mula sa Diyos. Dapat ay hindi ninyo Siya biguin. Basta't matapos ninyo nang maayos ang gawaing ito, uusad ang buhay ninyo, at magkakaroon kayo ng realidad." Sa teorya, walang anumang isyu ng prinsipyo sa mga salitang ito; halos maituturing na tama ang mga ito. Kaya, suriin natin

ang bagay na ito at tingnan natin kung saan napamalas ang “huwad” sa huwad na lider na ito. Nagbigay ba ang lider ng anumang tagubilin tungkol sa iba’t ibang detalyadong isyu, tulad ng mga propesyonal at teknikal na aspektong may kaugnayan sa gampaning ito? Nakipagbahaginan ba siya tungkol sa anumang partikular na katotohanang prinsipyo o hinihinging pamantayan? (Hindi.) Bumigkas lang siya ng ilang hungkag at walang katuturang salita—mga salitang madalas sabihin ng karamihan ng tao, mga salitang walang anumang bigat. Dahil personal na nagsalita at nagbigay ng mga tagubilin ang lider, itinuring ng mga tao na mas matimbang ang mga salitang ito kaysa sa karaniwan, pero sa realidad, mga walang kaugnayang pananalita ang mga iyon at wala talagang epekto sa paglutas ng anumang tunay na isyung may kaugnayan sa pagpapaimprenta ng mga aklat. Kaya, ano ang ilang partikular na isyung may kinalaman sa pagpapaimprenta ng mga aklat? Dapat nating talakayin ang mga iyon at tingnan kung ang gawaing ginawa ng lider na ito ay sa isang huwad na lider.

Una, ang pagpapaimprenta ng mga aklat ay may nakapaloob na pag-aayos ng tipo, at pagkatapos, nariyan ang pagsusuri sa teksto, pagbabalangkas sa talaan ng mga nilalaman at sa pangunahing teksto, pati na ang bigat, kulay, at kalidad ng papel. Nariyan din ang materyal ng pabalat, kung dapat ba na malambot o matigas ito, at ang disenyo, kulay, pattern, at estilo ng titik para sa pabalat. Panghuli, nariyan ang pagbibigkis, kung gagamitan ba ng pandikit o pagtatahi. Ang mga ito ay mga isyung pawang nasasaklaw ng pagpapaimprenta ng aklat. Tinalakay ba ng lider ang alinman sa mga ito? (Hindi.) Ang isa pang isyu ay ang paghahanap ng pabrika ng pag-iimprenta: kung makabago ba ang mga makina para sa pag-iimprenta at pagbibigkis, kung ano ang kalidad ng pag-iimprenta at pagbibigkis, at ang pagpepresyo—hindi ba’t dapat ay nagbigay siya ng mga tagubilin para sa lahat ng bagay na ito, pati na ng mga prinsipyo at saklaw? Kung sinabi ng lider, “Hindi ko nauunawaan ang mga bagay na ito; maghanap na lang kayo ng kahit na ano,” magiging kapaki-pakinabang na lider ba siya? Mapapalitan ba ng mga walang kaugnayang salitang sinabi niya ang iba’t ibang detalyadong isyung may kinalaman sa pagpapaimprenta ng aklat? (Hindi.) Pero, naniniwala ang huwad na lider na ito na mapapalitan ng mga ito ang mga iyon. Naisip niya, “Napakarami ko nang napagbahaginang katotohanan, at nasabi ko na sa kanila ang lahat ng prinsipyo. Dapat nilang maunawaan ang mga bagay na ito!” Ang “dapat” na ito ang lohika at paraan sa paglutas ng problema ng huwad na lider na ito. Sa huli, nang maimprenta na ang mga aklat, dahil napakababa ng kalidad at napakanipis ng papel, nakikita ang teksto sa magkabilang pahina, na ginawang masyadong nakakapagod at mahirap para sa matatandang indibidwal at mga taong malabo ang mata na basahin ang mga aklat. Nariyan din ang isyu ng panghuling hakbang, ang proseso ng pagbibigkis—kung pasok ba sa pamantayan ang pagbibigkis o hindi ay nakakaapekto sa pangkalahatang kalidad at itatagal ng isang aklat. Dahil hindi nagbigay ng mga tagubilin ang lider, at ang mga taong nagsakatuparan ng gawaing ito ay walang mga prinsipyo at karanasan, at iresponsableng nakipagtawaran, hindi maayos ang trabahong ginawa ng pabrika ng

pag-iimprenta at gumamit ito ng mahihinang klaseng materyales para hindi ito malugi, at sa wakas, nang maipamahagi ang mga aklat sa mga kapatid ay nagsimulang magkasira-sira ang mga iyon sa loob lang ng dalawang buwan. Nalagas ang mga pabalat at pahina, at nawalan ng saysay ang buong trabaho ng pagpapaimprenta. Kaninong pananagutan ito? Kung may papanagutin, ang direktang pananagutan ay nasa dalawang indibidwal na nangasiwa sa pagpapaimprenta ng mga aklat, at ang hindi direktang pananagutan ay mapupunta sa huwad na lider. May palusot pa nga ang huwad na lider, sinasabi niya: “Hindi ninyo ako masisisi sa pagpalpak ng trabahong ito; hindi ko rin ito nauunawaan! Kailanman ay hindi pa ako nakakapagpaimprenta ng mga aklat, at hindi ako nagmamay-ari ng pabrika ng pag-iimprenta. Paano ko malalaman ang mga bagay na ito?” May batayan ba ang palusot na ito? Bilang isang lider, nasa saklaw ng mga responsabilidad mo ang gawaing ito. Gawain man ito na may kaugnayan sa isang propesyon, kasanayan, isang uri ng kaalaman, o sa katotohanan, hindi mo kailangang maunawaan ang bawat bahagi nito, pero nagsikap ka bang matutuhan ang hindi mo nalalaman? Tinupad mo ba ang mga responsabilidad mo sa isang seryoso at maingat na paraan? Puwedeng sabihin ng ilang tao, “Gusto kong tuparin ang mga responsabilidad ko, pero hindi ko rin ito nauunawaan. Kahit gaano ko subukang matuto, hindi ko talaga ito makuha!” Ibig sabihin nito, bilang isang lider, hindi ka pasok sa pamantayan; isa kang ganap na huwad na lider. Medyo naghinanakit ang mga kapatid dahil sa mababang kalidad ng mga aklat, sinabing, “Kahit na wala kaming ginastos sa mga aklat na ito, masyadong mababa ang kalidad nito! Paano ba ginawa ng lider na ito ang trabaho niya? Paano ba niya isinakatuparan ang gawaing ito?” Nang marinig ito ng lider, tumugon siya, “Masisisi ba ninyo ako riyan? Hindi ako ang may-ari ng pabrika ng pag-iimprenta, at wala sa akin ang huling pasya. Higit pa riyan, hindi ba’t pagtitipid ito ng pera para sa sambahayan ng Diyos? Mali bang magtipid ng pera para sa sambahayan ng Diyos?” Tama ang mga salita ng lider, hindi mali ang mga ito; hindi kailangan ng lider na umako ng legal na pananagutan. Gayumpaman, may isang problema, iyon ay na nasayang ang perang ginastos sa pagpapaimprenta sa mga aklat. Nagsimulang magkasira-sira at malagasan ng mga pahina ang mga aklat na ipinamahagi sa mga kapatid sa loob ng dalawang buwan. Sino ang dapat magpasan ng mga kahihinatnan? Hindi ba’t pananagutan ito ng lider? Nangyari ito sa saklaw ng gawain mo, sa panahong nagsilbi ka bilang lider, kaya hindi ba’t dapat ikaw ang managot? Kailangan mong pasanin ang sisi; hindi mo maitatanggi ang pananagutan mo! Puwede pa ngang magsalita sa hindi makatwirang paraan ang ilang tao, sinasabing, “Kailanman ay hindi ko pa nagagawa ang trabahong ito. Hindi ba ako puwedeng magkamali sa isang trabahong hindi ko pa kailanman nagagawa?” Batay lang sa pahayag na ito, hindi ka bagay sa trabaho mo, at dapat kang tanggalin. Hindi ka nababagay na maging lider; talagang huwad na lider ka. Ang pagsasabi ng maraming masarap-pakinggang salita, pero hindi paggawa ng anumang tunay na gawain—ito ang pinakamaliwanag na pagpapamalas ng isang huwad na lider.

Ang ilang huwad na lider ay hindi magawa nang maayos at nang kongkreto ang bawat aytem ng tunay na gawain sa praktikal na paraan. Kaya lang nilang mag-asikaso ng ilang pangkalahatang usapin, at pagkatapos ay naniniwala silang pasok sila sa pamantayan bilang lider, na kahanga-hanga sila, at madalas silang nagyayabang, sinasabing, “Kailangan kong alalahanin ang lahat ng bagay sa iglesia, at kailangan kong harapin ang bawat problema. Kaya ba ng iglesia nang wala ako? Kung hindi ako magdaraos ng mga pagtitipon para sa inyo, hindi ba’t magiging watak-watak kayo? Kung hindi ko binantayan at tinulungang panatilihin ang gawain ng paggawa ng pelikula, hindi ba’t palaging magkakaroon ng mga taong manggugulo rito? Uusad ba nang maayos ang gawain ng paggawa ng pelikula? Kahit na hindi ako bihasa sa gawain ng paggawa ng himno, kung hindi ako madalas na pumunta para siyasatin ang gawain ninyo, panatilihin ang kaayusan para sa inyo, at mag-organisa ng mga pagtitipon para sa inyo, magagawa ba ninyo ang mga himnong iyon? Gaano katagal ang aabutin para matutuhan ninyo ang mga bagay-bagay?” Puwedeng tila makatwiran at tama ang mga pahayag na ito, pero kung titingnan mong mabuti, kumusta ang pag-usad ng iba’t ibang aytem ng propesyonal na gawaing pinangangasiwaan ng mga huwad lider na ito? Kaya ba nilang pagbahaginan nang malinaw ang mga katotohanang prinsipyo? (Hindi.) Minsan, nagtanong ang isang pangkat ng mga gumagawa ng pelikula tungkol sa isyu ng mga kulay ng kasuotan. Kumuha sila ng ilang litrato, at iba-iba ang mga kapaligiran at tao sa mga kuha, pero sa pangkalahatan ay iisa ang kombinasyon ng mga kulay ng mga kasuotan—lahat ay mga natural na kulay abo at dilaw. Tinanong Ko, “Anong nangyayari? Bakit ganitong mga kulay ang suot nila?” Sinabi nila na sadyang pinili ang mga kulay na ito, na pinagpaguran at pinagsikapan nilang hanapin ang mga ito sa isang pamilihan. Sinabi Ko, “Bakit ang mga kulay na ito ang pinili ninyo? Binigyan ba kayo ng Itaas ng mga tagubilin tungkol doon? Hindi ba’t tinagubilinan kayo ng Itaas na gumamit ng iba’t ibang kulay, at na dapat na kagalang-galang at disente ang mga kulay na iyon? Bakit nagkaganito ang resulta?” Sa wakas, pagkatapos ng mga pagtatanong, sinabi ng ilang tao, “Hindi masyadong kagalang-galang at disente tingnan ang ibang mga kulay, o hindi tulad ng mga isinusuot ng mga mananampalataya sa Diyos o ng mga banal. Ang kombinasyong ito lang ng mga kulay ang mas mukhang dapat na isuot ng mga mananampalataya. Kaya, pare-pareho ang pananaw ng lahat na ang pagsusuot ng mga damit na may ganitong uri ng mga kulay ang pinakanakaluluwalhati sa Diyos at pinakakumakatawan sa imahe ng sambahayan ng Diyos.” Sinabi Ko, “Kailanman ay hindi Ko sinabi sa inyong lahat na magsuot ng mga damit na ganito ang mga kulay. Maraming kagalang-galang at disenteng kulay. Isipin ninyo kung gaano kaganda ang bahaghari na itinatag ng Diyos bilang isang tanda ng kasunduan Niya sa sangkatauhan. May pula, kahel, dilaw, berde, asul, indigo, lila—bawat kulay ay kinakatawan, maliban sa mga kulay na suot ninyo. Bakit ninyo pinili ang mga kulay na iyon?” Ginawa ba ng lider nila ang kongkretong gawain ng pagsasagawa ng mga pagsusuri tungkol sa mga bagay na ito? Masasabi Kong talagang hindi. Kung nagtataglay ang lider ng dalisay na pagkaarok at tunay

niyang nauunawaan ang katotohanan at ang mga hinihingi ng Diyos, hindi sana pinili ng mga miyembro ng pangkat ng mga gumagawa ng pelikula ang mga gayong kasuotan at sumangguni sana sila sa Itaas tungkol sa mga iyon. Nalutas sana ang isyu ng mga kasuotan sa mas mababang antas, pero hindi ito kayang tugunan ng huwad na lider. Sa halip, walang kahihiyan niyang tinanong ang Itaas tungkol dito. Hindi ba't dapat na pungusan ang ganitong tao? Ni hindi kayang lutasin ng huwad na lider na ito ang pinakasimpleng problemang ito—ano ang pakinabang niya? Isa ka lang basura! Hiningi sa iyong luwalhatiin ang Diyos at magpatotoo sa Kanya, pero sa huli ay binigyan mo ng kahihiyan ang Diyos. Hindi ba't napakarami mong nauunawaan? Hindi ba't kaya mong magpahayag ng maraming kaalaman at doktrina? Kung gayon, bakit hindi epektibo sa sitwasyong ito ang lahat ng doktrinang iyon at ang lahat ng kaalamang iyon? Paano ka nabibigong lumutas at magsagawa ng mga pagsusuri tungkol sa isyu ng mga kasuotan? Nakuha mo ba ang epektong dapat mong makuha bilang isang lider? Natupad mo ba ang mga responsabilidad na dapat mong matupad bilang isang lider? Isa itong pagpapamalas ng isang huwad na lider. Sa anumang partikular na gampanin, ang mga huwad na lider ay walang pagkaunawa sa mga prinsipyo. Hindi nila kayang magbigay ng nasa oras na pagtutuwid at kalutasan sa anumang isyu ng baluktot na pagkaarok sa katotohanan, at magbigay-kakayahan sa mga taong makahanap ng direksiyon at landas sa pamamagitan nito. Ang mga huwad na lider ay bumibigkas lang ng mga salita at doktrina at sumisigaw ng mga islogan; hindi nila kayang gumawa ng anumang kongkretong gawain.

Ang mga Huwad na Lider ay Hindi Gumagawa ng Tunay na Gawain o Nag-aasikaso sa Gawain na Marapat Nilang Gawin

Ang ilang huwad na lider ay hindi kayang gumawa ng anumang kongkretong gawain, pero nag-aasikaso sila ng ilang hindi mahalagang pangkalahatang usapin, at iniisip na paggawa ito ng kongkretong gawain, na nasa saklaw ito ng mga responsabilidad nila. Higit pa rito, napakaseryoso nilang inaasikaso ang mga usaping ito at talagang nagsisikap sila nang husto, napakadisenteng isinasakatuparan ang mga ito. Halimbawa, may isang indibidwal sa iglesia na dating nagtatrabaho bilang tagaluto ng tinapay. Isang araw, dala ng kabutihan ng puso niya ay napagpasyahan niyang gumawa ng mga tinapay para sa Akin, at naghanda siyang gawin ito nang hindi ipinapaalam sa Akin ang tungkol dito. Tinanong niya ang mga lider niya kung puwede ito, at sinabi nila, "Sige. Kung masarap ang mga iyon, ihahandog namin ang mga iyon sa Diyos. Kung hindi, puwede nating lahat kainin ang mga iyon." Nakuha niya ang pahintulot ng mga lider, kaya naging lehitimo at wasto ang gawaing ito, kaya agad niyang tinipon ang mga sangkap at gumawa siya ng isang salang, sinasabing, "Hindi ko alam kung magiging masarap ang mga ito, o kung mabibigyang-lugod ng mga ito ang Diyos, o kung babagay sa panlasa Niya ang mga ito." Tumugon ang mga lider, "Ayos lang iyan. Isasakripisyo namin ang kaunting oras at kalusugan namin, at makikipagsapalaran kami nang kaunti

para sa Diyos. Titikman at susuriin muna namin ang mga iyan para sa Diyos. Kung talagang hindi masarap ang mga iyan at hihilingin namin sa Diyos na kainin ang mga iyan, mayayamot Siya at labis na madidismaya sa amin. Samakatwid, bilang mga lider, may responsabilidad at obligasyon kaming magsakatuparan ng mga pagsusuri tungkol sa bagay na ito. Paggawa ito ng kongkretong gawain." Pagkatapos, ang bawat pinuno ng grupo na may kaunting "pagpapahalaga sa responsabilidad" ay tumikim sa mga tinapay. Pagkatapos tikman ang mga iyon, nagbigay sila ng komento, sinasabing, "Masyadong mainit ang pugon para sa salang na ito, masyadong mataas ang temperatura, at malamang na magdudulot ang mga ito ng panloob na init—medyo mapait din ang mga ito. Hindi puwede ito! Kailangan nating magkaroon ng responsableng saloobin at gumawa ng isa pang salang at tikman ulit ang mga iyon!" Pagkatapos tikman ang salang na ito, sinabi nila, "Medyo ayos na ang salang na ito. Nalalasahan dito ang mantikilya, ang itlog, at pati ang linga. Talagang karapat-dapat ito sa isang tagaluto ng tinapay! Dahil napakarami nito, at hindi naman kayang ubusin ng Diyos nang mag-isa ang lahat ng ito, maglagay tayo ng 10 o 20 sa isang maliit na garapon, at ihandog sa Diyos bilang patikim. Kung masasarapan ang Diyos sa mga ito, puwede nating ipagpatuloy ang paggawa ng mas maraming salang." Inabutan nila Ako ng isang garapon, at tinikman Ko ang dalawa sa mga iyon. Para sa Akin ay puwede na ang mga iyon bilang bago sa panlasa, pero hindi angkop bilang pangunahing pagkain, kaya tinigil Ko ang pagkain sa mga iyon. Inakala pa nga ng ilang tao na lutong bahay ang mga iyon ng isang miyembro ng sambahayan ng Diyos, na puno ang mga iyon ng pagmamahal, katapatan, at takot, at may malaking kabuluhan kahit na sakto lang ang lasa ng mga iyon. Kalaunan, isinauli Ko ang garapon ng mga tinapay. Hindi Ako interesado sa mga gayong bagay at wala Akong gana sa mga iyon. Higit pa rito, kung gusto Kong kumain ng mga tinapay, puwede naman Akong bumili ng mga tinapay na may iba't ibang lasa at mula sa iba't ibang bansa sa pamilihan nang hindi gumagastos nang malaki. Pagkatapos, sinabi Ko sa kanya, "Ipinagpapasalamat Ko ang paggawa mo niyon, pero pakiusap, huwag mo na Akong igawa nito. Hindi Ko naman kakainin ang mga ito, at kung gusto ko nito, bibili na lang Ako Mismo. Kung kakailanganin naman, gumawa ka na lang kapag hiningi Ko sa iyo; kung hindi Ko sasabihin sa iyong gumawa ka, hindi mo na ulit kailangang gumawa ng mga ito." Hindi ba't sapat na madali naman itong maunawaan? Kung may mabuting asal at masunurin siya, tatandaan niya ang mga salita Ko at hindi na ulit siya gagawa ng mga iyon. Kapag nagsasalita ang Diyos, ang ibig sabihin ng oo ay oo, ang ibig sabihin ng hindi ay hindi, at ang ibig sabihin ng "huwag kang gumawa nito" ay "huwag kang gumawa nito." Gayumpaman, pagkalipas ng ilang panahon, pinadalhan nila Ako ng dalawa pang garapon ng mga tinapay. Sinabi Ko sa kanila, "Hindi ba't sinabi Ko sa inyong huwag na kayong gumawa nito?" Tumugon sila, "Iba ang mga ito sa nakaraan." Tumugon Ako, "Kahit na iba ang mga ito, mga tinapay pa rin ang mga ito. Hindi na talaga kinakailangang gumawa ng anumang tinapay. Hindi Ko ito sinasabi para maging magalang—kung gusto Ko nito, ipapaalam Ko sa inyo. Hindi

ba kayo nakakaintindi ng wika ng tao? Huwag na kayong gumawa nito." Nauunawaan ba ang mga salitang ito? (Oo.) Pero bakit parang laging nakakalimot ang taong gumagawa ng mga iyon? Kung kaya siyang bantayan ng mga lider niya, hindi aktibong nakikipagtulungan sa kanya o hindi siya hinihikayat na gawin ito, at agaran siyang pagbabawalan, maglalakas-loob pa rin ba ang taong gumagawa ng mga tinapay na gawin ito? Kahit papaano man lang, hindi niya ito gagawin nang masyadong mapangahas at walang pakundangan. Kaya, ano ang naging epekto ng mga lider na iyon sa sitwasyong ito? Kinontrol nila ang bawat kaliit-liitang detalye, pinanghimasukan ang lahat ng bagay, at pinangasiwaan ang pagsusuri para sa Akin. Sa sobrang "mapagmahal" nila ay hindi ito mailarawan ng mga salita. Ito ba ang gawaing dapat na ginagawa nila? Walang mga tagubiling gawin ito na nakapaloob sa mga prinsipyo ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi Ko ipinagkatiwala sa kanila ang gampaning ito; kusa itong ginawa ng mga tao, hindi Ko ito hiniling. Kaya bakit napakaaktibong isinakatuparan ng mga lider na ito ang gampaning ito? Isa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider: ang hindi pag-aasikaso sa marapat nilang gawain. Napakaraming gampanin sa iglesia na kailangan nilang kumustahin, inspeksiyonin, at isulong, at napakaraming tunay na problemang kailangang lutasin sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan nila sa katotohanan, pero hindi nila ginawa ang alinman sa gawaing iyon. Sa halip, dahil wala silang ginagawa ay nagagawa pa nilang tumikim ng mga tinapay sa kusina para sa Akin. Sa bagay na ito, napakaseryoso nila at nagsikap sila nang husto. Hindi ba't ito ang ginagawa ng mga huwad na lider? Hindi ba't napakakasuklam-suklam na nito? Hindi Ko kailanman inasahan na sa paglipas ng ilang panahon, mangyayari ulit ang bagay na ito. Gusto na naman ng taong gumawa ng mga tinapay na magsimulang gumawa ng mga iyon para sa Akin. Partikular Kong sinabi sa isang lider, "Kumilos ka at lutasin mo ito. Kailangan mo itong ipaliwanag nang malinaw sa kanya. Kung gagawin niya ito ulit, ikaw ang pananagutin Ko!" Sa dami ng gawaing dapat gawin sa iglesia, magiging abala sila sa anumang gampanin sa loob ng ilang panahon. Bakit masyado silang walang ginagawa? Narito ba sila para magpataba o magdaldalan nang walang katuturan? Hindi ito ang lugar para sa mga bagay na iyon. Pagkatapos, wala nang balita tungkol sa bagay na ito. Sa sandaling ibinigay Ko ang tagubiling iyon, hindi na nagbigay ng anumang ulat ang lider. Ano't anuman, wala nang nagpadala ulit sa Akin ng maliliit na tinapay na iyon, na isang malaking ginhawa. Batay sa insidenteng ito, masasabi ba nating hindi inaasikaso ng mga lider na ito ang gawaing marapat nilang gawin? (Oo.) Ni hindi nga ganoon kalubha ang bagay na ito; may mas malulubhang bagay pa.

Madalas Akong bumibisita sa ilang iglesia para tingnan ang mga bagay-bagay, makilala ang mga lider, magbigay ng mga tagubilin para sa ilang gawain, at lumutas ng ilang isyu. Kung minsan, kailangan Kong mananghalian sa mga iglesiang ito, kaya nabubuo ang tanong kung sino ang maghahanda ng pagkain. Sa sobrang responsable ng mga lider ay pumili sila ng isang tao na nagsasabing isa siyang kusinero. Sinabi Ko, "Hindi mahalaga kung isa siyang kusinero; ang mahalaga ay na mas gusto Ko ng

simpleng pagkain. Gusto Kong malasahan ang orihinal na lasa ng mga sangkap. Hindi dapat masyadong maalat, mamantika, o matapang ang timpla ng pagkain. Sa taglamig, kailangan Kong kumain ng mainit na pagkain. Isa pa, dapat ay maluto nang mabuti ang pagkain, hindi kulang sa luto, at dapat madali itong tunawin." Hindi ba't malinaw Kong ipinaalam ang mga prinsipyong ito? Madali bang makamit ang mga ito? Kapwa madaling tandaan at madaling gawin ang mga ito. Ang isang maybahay na tatlo hanggang limang taon nang nagluluto ay makakaarok sa mga prinsipyong ito at makakagawa ng mga ito. Kaya, hindi na kailangang ipagpilitang maghanap ng kusinero para magluto ng pagkain Ko; sapat na ang isang taong kayang magluto ng pagkaing lutong-bahay. Gayumpaman, sa sobrang "mapagmahal" ng mga lider na ito ay ipinagpilitan nilang maghanap ng "kusinero" para magluto ng pagkain kapag pinapatuloy nila Ako. Bago Ako opisyal na ipagluto ng kusinero, kinailangan muna itong suriin ng mga lider. Paano nila ito ginawa? Pinagluto nila ang kusinero ng isang salang ng mga dumplings at ng isang putahe ng pansit, at pinaggisa siya ng ilang putahe. Tinikman ng lahat ng lider at pinuno ng iba't ibang grupo ang mga iyon, at nasarapan naman sila sa lahat ng putahe. Sa wakas, hiningi nila sa kusinerong akuin ang trabaho ng pagluluto para sa Akin. Isantabi muna natin ang mga resulta ng pagtikim ng mga lider at ang kalikasan ng mga isyung nasasangkot dito, pag-usapan muna natin ang pagkaing inihanda ng kusinerong ito. Noong unang beses Akong pumunta, naggisa ang kusinero ng ilang putahe, at nasiyahan naman nang husto ang lahat. Noong ikalawang beses, gumawa ang kusinero ng isang salang ng mga dumplings. Pagkatapos kainin ang una, naramdaman Kong may mali—medyo maanghang ito. Sinabi rin ng ibang nasa paligid Ko na medyo maanghang ang mga dumplings, at pakiramdam nila ay nagsisimula nang mamaga ang mga dila nila. Gayumpaman, dahil dumplings lang ang pangunahing putahe, kinailangan Kong ubusin ang mga iyon kahit na maanghang ang mga iyon. Walang makikitang sili sa palaman, kaya binalewala Ko na lang kung anuman ang nagpaanghang dito at inubos Ko ang pagkain Ko. Dahil dito, nagsimulang magka-allergy ang katawan Ko noong gabing iyon. Nagsimulang mangati nang walang-tigil ang maraming parte ng buong katawan Ko, at kinailangan Kong magkamot nang magkamot; nagdugo na ang katawan Ko sa kakakamot bago bumuti ang pakiramdam Ko. Tatlong araw Akong nangati bago unti-unting humupa ang pakiramdam Ko. Pagkatapos ng allergy na ito, napagtanto Kong tiyak na nilagyan ng sili ang mga dumplings; kung hindi, hindi iyon magiging masyadong maanghang. Ipinaalam Ko sa kanilang huwag maglagay ng maaanghang na sangkap tulad ng sili dahil hindi kaya ng katawan Ko ang mga iyon. Gayumpaman, naglagay sila ng marami nito para matugunan ang sarili nilang mga panlasa, na sumobra sa normal na dami; maanghang sa pakiramdam ang pagkain ng mga dumplings na iyon. Ni hindi makuha ng kusinero ang mga tamang sukat sa pagluluto niya, sa dami ng siling nilagay niya ay nakaka-allergy na ito. Kalaunan, sinabi Ko sa kanya, "Huwag na huwag ka nang maglalagay ng maaanghang na sangkap na iyon. Hindi kaya ng katawan Ko ang mga iyon. Kung talagang may anumang pagkatao ka, huwag mo na ulit gagawin iyon. Kung

magluluto ka para sa sarili mo, hindi Ako makikialam sa kung ano ang kakainin mo. Gayumpaman, kung magluluto ka para sa Akin, huwag kang maglagay ng ganoon. Sundin mo ang mga pamantayang hinihingi Ko." Kaya ba niyang gawin iyon? Hindi ba't dapat ay pinangasiwaan ng mga lider ang gawaing ito? Sa kasamaang palad, walang sinumang nagbigay-pansin dito, at hindi nila ginawa ang alinman sa gawaing dapat nilang ginawa. Sa isang pagkakataon, noong magluluto na ulit ang kusinero, kumuha siya ng kaunting sili para idagdag sa putahe, at nakita siya ng isang taong nasa malapit sa kanya at pinigilan siya. Sa ilalim ng mahigpit na pagsubaybay nito, hindi siya nagkaroon ng pagkakataong idagdag ito. Hindi kayang lutasin ng mga lider ang ganito kaliit na problema—kung gayon, ano ang kaya nilang gawin? Noong nagluluto ang kusinero, napakaaktibo nila sa pagtikim nito. Ilang tao ang pumunta para tumikim. Pangkaraniwang lutong-bahay na pagkain lang ito; ano ang karapat-dapat tikman dito? Mga eksperto ba kayong lahat sa pagluluto? Bigla ba ninyong naunawaan ang lahat pagkatapos ninyong maging lider? Naunawaan ba ninyo ang mga prinsipyo ng kalusugan? Isinaayos ba ng sambahayan ng Diyos na gawin ninyo ito? Kailan Ko ipinagkatiwala o iniatas sa inyo ang pagtikim sa pagkain para sa Akin? Masyado kayong walang katwiran, wala talaga kayong kahihiyan! Ang sinumang may kaunting kahihiyan ay hindi gagawa ng bagay na masyadong lantaran, masyadong kasuklam-suklam, masyadong walang katwiran. Ipinapakita nito na wala talagang kahihiyan ang mga indibidwal na ito—tumikim sila ng pagkain para sa Akin! Hindi ninyo sinusunod o tinutupad ang alinman sa mga prinsipyong sinabi Ko sa inyo. Pinapaluto ninyo sa kusinero ang anumang masarap para sa inyo at nababagay sa mga panlasa ninyo. Pagluluto ba iyon para sa Akin? Hindi ba't pagluluto iyon para sa sarili ninyo? Ganito ba kayo kumilos bilang mga lider? Sinusunggaban ninyo ang bawat pagkakataon para samantalahin, gamitin ang mga butas, at sinusubukan ninyong magpalakas sa Akin—kung gusto ninyong magpalakas sa Akin, huwag ninyo Akong ilagay sa panganib! Hindi ba't kawalan ito ng mababuting katangian? Hindi ba't pagkikimkim ito ng mga hindi wastong intensyon? Wala silang kahihiyan at nagkikimkim sila ng mga hindi wastong intensyon, pero iniisip pa rin nilang napakatapat nila! May alinman ba sa mga bagay na ito na ginawa nila ang talagang dapat gawin ng mga lider? (Wala.) Wala sa mga ginawa nila ang may anumang pamantayan. Ni hindi nila alam kung anong pagkain ang masustansiya o hindi masustansiya, pero inisip pa nilang puwede silang pumunta rito at gumanap sa papel ng mga eksperto sa kalusugan at pagkain para sa Akin! Sino ang nagtakda na dapat kayong magsagawa ng mga pagsusuri pagdating sa pagluluto para sa Akin? May ganitong pagtatakda ba ang iglesia? Ginawa ba ng sambahayan ng Diyos ang pagsasaayos na ito? Napakaraming lumitaw na butas sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, napakaraming tao ang may mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos at hindi talaga nakakaunawa sa katotohanan, pero hindi ninyo tinugunan ang mga bagay na iyon. Sa halip, ginugol ninyo ang pagsisikap ninyo sa isang napakaliit na aspektong tulad ng pangungusina, tinutupad ang "responsabilidad" ninyo. Mga ganap kayong

huwad na lider, mga mapagpaimbabaw kayo! Nasa harapan Ko kayo mismo habang sinusuri ninyo ang mga bagay-bagay—ano ba ang nauunawaan ninyo? Sumangguni ba kayo sa Akin? Ipinapahayag ba ninyo ang sarili ninyong ideya o ang sa Akin? Kung ipinapahayag ninyo ang ideya Ko, at hiningi Ko sa inyo na iparating ito, magiging tama ang ginagawa ninyo. Magiging responsabilidad ninyo ito. Kung ipinapahayag ninyo ang sarili ninyong ideya at hindi ang sa Akin, at ipinagpipilitan ninyong puwersahin ang iba na pakinggan at tanggapin ito, ano ang kalikasan nito? Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't masusuklam Ako rito? Nandoon Ako mismo, at wala silang sinabing ni isang salita para tanungin Ako kung ano ang mga kinakain Ko o kung ano ang mga hinihingi Ko—nagdesisyon lang sila nang wala ang pagsang-ayon Ko, at basta-bastang nagbigay ng mga utos nang hindi Ko nalalaman. Sinusubukan ba nilang kumatawan sa Akin? Pag-aamok ito ng mga huwad na lider na gumagawa ng masasamang bagay, pagkukunwaring espirituwal, pagkukunwaring isinasaalang-alang ang pasanin ng Diyos, at pagkukunwaring nauunawaan ang katotohanan, at gumagawa lang ng mga mapagpaimbabaw na bagay. Hindi ba't labis-labis na ito? Hindi ba't labis na itong kasuklam-suklam at kamuhi-muhi? (Oo.) Nagkamit ba kayo ng anumang kabatiran? May natutuhan ba kayong anumang aral mula rito? Lalong nagiging kasuklam-suklam ang bawat bagay na ito, at may isa pang bagay na mas kasuklam-suklam.

Ngayong taglamig, binilhan Ako ng isang mabait na tao ng isang "magandang" pangginaw na coat na gawa sa balahibo ng gansa. Wala sa kulay o sa estilo ng pangginaw na coat ang kagandahan nito bagkus ay nasa mataas na presyo at mataas na kalidad nito; isa itong mamahaling aytem. May isang kasabihan sa mga walang pananampalataya, "Isang balahibo ng gansa na ipinadala mula sa layo ng isang libong milya: maliit man ang regalo, malalim naman ang sentimyento." Bukod sa may taglay na sentimyento ang pangginaw na coat na ito, talagang napakamahal pa nito. Bago makita ang pangginaw na coat, nabalitaan Ko nang maganda ito at kulay pula, may magandang disenyo, at matibay. Nabalitaan Ko na ang tungkol dito, kaya tiyak na may ilang tao nang nakakita sa aktuwal na aytem na iyon—ibig sabihin, medyo maraming tao na ang nakakita nito, tumantiya sa sukat nito, at nagsuri dito nang mabuti, nagsabi ng mga bagay na tulad ng, "Kilala ko ang tatak na ito," "Ang ganda ng kulay, napakaganda nito!" "Pagkatapos mo iyang tingnan, dalhin mo rito para makita ko," at nang ganoon-ganoon lang, kumalat na ang balita. Hindi ko alam kung gaano katagal bago umabot sa Akin ang balitang ito, at malaman Ko nang kaunti ang tungkol dito. Nakikita ba ninyo ang problema rito? Kahit hindi Ko pa mismo nakita ang pangginaw na coat, nakita, napagpasa-pasahan, at naipakita na ito ng maraming ibang tao. Hindi ba't problema ito? Puwede bang kaswal na tingnan, hawakan, at ipakita ng mga tao ang mga gamit Ko? (Hindi.) Kaninong mga gamit ang puwedeng kaswal na hawakan at tingnan ng mga tao? (Walang sinumang magnanais na mangyari ito, at walang sinumang dapat gumawa nito.) Kung ganoon, hindi ba't dapat na mas bawal pakialaman ang sa Akin? Sinasabi ng ilang tao, "Bakit dapat maging bawal pakialaman ang mga iyon? Isa Kang kilalang

tao. Hindi ba't palaging nalalantad ang mga pribadong buhay ng mga kilala at sikat na tao? Kung saan sila naglalaro ng isport, kung saan sila nagpapa-beauty treatment, kung kani-kanino sila nakikipag-ugnayan, kung anong mga tatak ang sinusuot nila—hindi ba't nalalantad ang lahat ng bagay na ito? Bakit hindi dapat malantad ang sa Iyo?" Sikat na tao ba Ako? Hindi Ako sikat na tao, at hindi kita tagahanga. Sino ka ba? Isa kang karaniwang tao, isang nilikha, at isang tiwaling tao. Sino ba Ako? (Ang Diyos.) Hindi Ako isang kilalang tao; hindi Ako obligadong ilantad ang lahat ng bagay sa iyo, iulat ang lahat ng bagay sa iyo, o ipaalam sa iyo ang tungkol sa lahat ng bagay. Kaya, bakit mo hinahawakan ang isang bagay na pagmamay-ari Ko? Hindi ba't kasuklam-suklam ang paggawa niyon? Inatasan ba kita na tingnan at suriin ang gamit Kong ito? Hindi. Pero nangahas ang ilang tao na garapal na kuhanin at kaswal na tingnan ito, at pagpasa-pasahan pa nga ito. Sino ang nagbigay sa iyo ng karapatang pagpasa-pasahan ito? Obligasyon mo ba ito? Kung hindi ka sumasampalataya sa Diyos, estranghero tayo sa isa't isa. Kilala kita dahil sumasampalataya ka sa Diyos, pero hindi Ko alam kung kumusta ang iyong pamilya, pang-araw-araw na buhay, o pinansiyal na sitwasyon, at hindi Ako interesadong malaman. Malapit ba tayo sa isa't isa? Hindi mo Ako malapit na kaibigan, katropa, o kasama. Hindi tayo pamilyar sa isa't isa, at hindi pa tayo umaabot sa puntong ang lahat ng sa Akin ay dapat maging bukas para tingnan mo. Hahayaan mo bang tingnan Ko ang lahat ng gamit mo, at ipakita ang mga iyon para tingnan at hawakan ng lahat? Kahit kapag nag-uwi ka ng isang bagay galing sa pamilihan, kailangan itong hugasan nang ilang beses para madisimpekta! Hindi ba't nakakadiri ang mga bagay na kaswal nang hinawak-hawakan ng mga tao? Hindi ba't nabigo kang tratuhin ang sarili mo bilang tagalabas? Sino ang nag-atas sa iyong inspeksyonin ang pangginaw na coat Ko? Pinagkatiwalaan ba kita? Naghugas ka ba ng kamay bago mo walang-ingat na hinawak-hawakan ang pangginaw na coat Ko? Hindi ba't masusuklam Ako sa iyo? Malinaw ba ito sa iyo? Bakit masyado kang walang kahihiyan? Masyado kang walang katwiran! Ilang taon ka nang sumasampalataya sa Diyos at napakarami mo nang narinig na sermon; bakit wala kang kahit kaunting katwiran? Ang kaswal na pagbubukas ng mga handog na pagmamay-ari ng Diyos, kaswal na paghawak sa mga damit Niya, sa mga bagay na pagmamay-ari Niya—anong uri ng problema ito? Kapag nakita Kong nabuksan at naitapon na ang balot ng mga aytem na ito, paanong hindi Ako magagalit? Nasusuklam Ako sa mga bagay na ito, at kinamumuhian Ko ang mga taong ito. Ayaw Ko na silang makita ulit, at talagang ayaw Ko nang makisalamuha sa mga taong ito na mas masahol pa sa mga baboy at aso! Tandaan ninyo, ang bawat tao ay may dignidad, at lalo na Ako. Huwag mong pakialaman ang mga bagay na pagmamay-ari Ko; kung hindi, kasusuklaman at kapopootan kita!

Sa panlabas, puwedeng hindi gumawa ng matitinding kasamaan o maging ganap na mga traydor na kontrabida ang mga huwad na lider. Gayumpaman, ang pinakakasuklam-suklam na bagay tungkol sa kanila ay na nakikita nilang may tunay na gawaing dapat gawin pero hindi nila ito ginagawa, alam na alam nilang hindi nila kayang

lumutas ng mga isyu pero hindi nila hinahanap ang katotohanan, nakikita nilang nagdudulot ng mga kaguluhan ang masasamang tao pero hindi nila pinangangasiwaan ang mga iyon, at sa halip ay inaasikaso lang nila ang mga panlabas na pangkalahatang usapin. Mahigpit nilang binabantayan at kinokontrol ang mga hindi gaanong mahalagang isyu at maliliit na usapin, pero hindi nila ginagawa ang alinman sa gawaing may kaugnayan sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, o inaalala ang iba't ibang bagay na sumasalungat sa mga katotohanang prinsipyo. Sa halip, gumagawa lang sila ng gawaing walang kaugnayan sa katotohanan. Mga ganap na huwad na lider ang mga ito. Ang mga huwad na lider ay ganap na ignorante sa mga katotohanang prinsipyong may kinalaman sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia. Kung ikukumpara sa mga prinsipyo at pamantayan ng mga lider at manggagawa, ang mga huwad na lider ay mga hangal at mangmang. Gaano man kalubha ang mga lumilitaw na problema sa gawain ng iglesia, hindi makita o malutas ng mga huwad na lider ang mga iyon kahit na mangyari ang mga iyon sa mismong harapan nila, at kailangan pang pumunta ng Itaas at ito mismo ang lumutas sa mga problemang iyon. Hindi ba't mga huwad na lider ang mga taong ito? (Oo.) Mga huwad na lider nga sila. Halimbawa, sa gawaing nakabatay sa teksto ng iglesia, kung aling mga aklat ang nararapat masuri at alin ang dapat maisalin—napakahalagang gampanin ng mga ito para sa iglesia. May anumang prinsipyo ba tungkol sa paraan ng pagsusuri at pagsasalin ng mga aklat? Talagang may mga prinsipyo ang gawaing ito, labis itong nakabatay sa prinsipyo, at kailangan talaga itong partikular na mapagbahaginan at magabayan; pero hindi kayang gawin ng mga huwad na lider ang gawaing ito. Kapag nakikita nilang abala ang mga kapatid sa mga tungkulin ng mga ito, pakunwari nilang sinasabing, "Labis na mahalaga ang gawaing nakabatay sa teksto at ang gawain ng pagsasalin. Dapat ninyong isapuso ang paggawa nang maayos sa gawaing ito, at lulutasin ko ang anumang isyung mayroon kayo." Kapag talagang may nagbanggit ng isyu, sinasabi ng mga huwad na lider na ito, "Hindi ko nauunawaan ang bagay na ito. Hindi ako bihasa sa pagsasalin ng mga banyagang wika. Magdasal ka sa Diyos at maghanap ka mula sa Kanya." Kapag may nagbabanggit ng isa pang isyu, nagtatanong, "Hindi kami makahanap ng angkop na mga tao para magsalin ng mga partikular na wika, ano ang dapat naming gawin tungkol dito?" tumutugon ang mga huwad na lider, "Hindi ako bihasa sa bagay na ito. Kayo na mismo ang mangasiwa sa mga ito." Malulutas ba ang problema sa pagsasabi nito? Naghahanap sila ng palusot at pinagtatakpan nila ang katunayang hindi nila ginagawa ang gawain nila, sinasabing, "Hindi ako bihasa; hindi ko nauunawaan ang propesyong ito," at sa gayon ay iniiwasan ang problemang dapat nilang lutasin. Ganito gumagawa ang mga huwad na lider. Kapag may nagtatanong, sinasabi ng mga huwad na lider, "Magdasal kayo sa Diyos at maghanap kayo mula sa Kanya; hindi ko nauunawaan ang propesyong ito, pero nauunawaan ninyo ito." Maaaring tila mapagpakumbaba ito, dahil inaamin nilang hindi nila kaya at hindi nila nauunawaan ang propesyon, pero sa realidad, hindi talaga nila kayang gampanan ang gawain ng pamumuno. Siyempre, ang pagiging

lider ay hindi nangangahulugan na kailangan nilang maunawaan ang bawat uri ng propesyon, ngunit dapat nilang malinaw na ibahagi ang mga katotohanang prinsipyo na kailangan upang malutas ang mga problema, anuman ang uri ng propesyon na kaugnay ng mga problemang iyon. Hangga't nauunawaan ng mga tao ang mga katotohanang prinsipyo, maaaring malutas ang mga problema nang naaayon. Ginagamit ng mga huwad na lider ang "Hindi ako bihasa rito; hindi ko nauunawaan ang propesyong ito" bilang dahilan upang iwasan ang pagbabahagi sa mga katotohanang prinsipyo para sa paglutas ng mga problema. Hindi ito paggawa ng tunay na gawain. Kung patuloy na ginagamit ng mga huwad na lider ang "Hindi ako bihasa rito; hindi ko nauunawaan ang propesyong ito" bilang dahilan upang iwasan ang paglutas ng mga problema, kung gayon ay hindi sila nababagay para sa gawain ng pamumuno. Ang pinakamagandang bagay na dapat nilang gawin ay ang magbitiw at hayaan ang iba na pumalit sa kanilang posisyon. Ngunit may ganito bang uri ng katwiran ang mga huwad na lider? Magagawa ba nilang magbitiw? Hindi. Iniisip pa nga nila, "Bakit sinasabi nilang wala akong ginagawang anumang gawain? Nagdaraos ako ng mga pagtitipon araw-araw, at dahil napakaabala ko ay hindi na ako nakakakain sa tamang oras, at kulang na ako sa tulog. Sino ang nagsasabing hindi nalulutas ang mga problema? Nagdaraos ako ng mga pagtitipon at nakikipagbahaginan ako sa kanila, at naghahanap ako ng mga sipi ng mga salita ng Diyos para sa kanila." Ipagpalagay nang tinanong mo sila, "May nagsabing hindi sila makahanap ng mga angkop na tagasalin para sa ilang wika. Paano mo nilutas ang partikular na problemang ito?" Sasabihin nila, "Sinabi ko sa kanilang hindi ko nauunawaan ang propesyon, at sinabihan ko silang talakayin at pangasiwaan ito nang sila-sila lang." Pagkatapos ay tinanong mo sa kanila, "Nakapaloob sa problemang ito ang paggastos ng mga handog at ang pag-usad ng gawain ng iglesia. Hindi sila puwedeng magdesisyon nang sila-sila lang, kailangan ka nila para mangasiwa at humanap ng mga katotohanang prinsipyo para lutasin ito. Ginawa mo ba ito?" Tutugon sila: "Paanong hindi ko ito ginawa? Wala akong naantalang anumang gawain. Kung walang magsasalin sa wikang iyon, dapat ay ibang wika na lang ang isalin nila!" Kita mo, hindi kayang gumawa ng mga huwad na lider ng tunay na gawain pero napakarami pa rin nilang dahilan. Talagang wala itong kahihiyan at kasuklam-suklam! Napakahina ng kakayahan mo, wala kang nauunawaan na anumang propesyon, at wala kang pagkaarok sa mga katotohanang prinsipyo na may kinalaman sa bawat aytem ng propesyonal na gawain—ano ang silbi ng pagiging lider mo? Sadyang hangal ka at walang silbi! Dahil hindi ka nakakagawa ng anumang tunay na gawain, bakit naglilingkod ka pa rin bilang lider ng iglesia? Sadyang wala kang katwiran. Dahil wala ka namang kamalayan sa sarili, dapat mong pakinggan ang mga puna mula sa hinirang na mga tao ng Diyos at suriin kung natutugunan mo ba ang mga pamantayan para sa pagiging lider. Ngunit, hindi kailanman isinasaalang-alang ng mga huwad na lider ang mga bagay na ito. Kahit gaano pa kadami ang naantala sa gawain ng iglesia, at kahit gaano kalaki ang kawalang naidulot sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos sa loob ng

maraming taon ng kanilang paglilingkod bilang lider, wala silang pakialam. Ito ang pangit na anyo ng mga tunay na huwad na lider.

Isipin mo kung paano pinangangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang gawain nila—tumutugma ba ito sa sinabi Ko sa iyo ngayon lang? May sinuman bang hindi gumagawa ng tunay na gawain, at kaya mo ba silang kilatisin bilang mga huwad na lider? Kung nakikilatis mo sila bilang mga huwad na lider, magmula sa araw na ito ay hindi mo na sila dapat ituring na mga lider; dapat mo silang tratuhin tulad ng sinumang tao. Ito ang tumpak na prinsipyo ng pagsasagawa. Puwedeng isipin ng ilan, “Ibig bang sabihin nito ay didiskriminahin, mamaliitin, o ibubukod sila dahil mga huwad na lider sila?” Hindi. Hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, at kaya lang nilang magsabi ng ilang salita at doktrina at ng ilang hungkag na salita para magpaligoy-ligoy at lansihin ka. May isang katunayan itong sinasabi sa iyo, na hindi mo sila mga lider. Hindi mo kailangang hingin ang mga tagubilin nila para sa anumang problema o paghihirap na hinaharap mo sa gawain mo. Kung kinakailangan, puwede ninyo silang lampasan sa pamamagitan ng pag-uulat dito sa Itaas at pagsangguni sa Itaas kung paano ito pangangasiwaan at lulutasin. Naituro Ko na sa inyo ang landas ng pagsasagawa, pero nasa sa inyo na kung paano kayo kikilos. Hindi Ko kailanman sinabing ang lahat ng lider ay paunang itinalaga ng Diyos, na dapat mo silang pakinggan at sundin, at na dapat mo silang pakinggan kahit na makilatis mong mga huwad na lider sila. Hindi Ko kailanman sinabi iyon sa iyo. Ang pinagbabahaginan Ko ngayon ay kung paano kilatisin ang mga huwad na lider. Kapag nakilatis mong huwad na lider ang isang tao, puwede mong tanggapin at sundin ang sinasabi niya kung tama at umaayon ito sa katotohanan. Gayumpaman, kung hindi niya kayang lutasin ang isang problema, at nagpapaligoy-ligoy at nilalansi ka niya, na nakakaapekto sa pag-usad ng gawain, hindi mo kailangang tanggapin ang pamumuno niya. Kung kaya ninyong arukin ang mga prinsipyo nang kayo lang, dapat kayong kumilos ayon sa mga iyon. Kung hindi ninyo maarok, nag-aalangan kayo, o hindi kayo sigurado sa mga prinsipyo, dapat ninyong hanapin ang katotohanan at magtalakayan kayo para pangasiwaan ang problema. Kung hindi pa rin kayo makapagdesisyon pagkatapos itong talakayin, iulat ninyo ang problema sa Itaas at sumangguni sa kanila tungkol dito. Ang lahat ng ito ay magagandang paraan para tugunan ang mga problema—walang mga paghihirap na hindi malulutas.

Tapusin na natin dito ang pagbabahaginan natin ngayon. Paalam!

Enero 16, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (3)

Ikatlong Aytem: Ibahagi ang mga Katotohanang Prinsipyo na Dapat Maunawaan Para Magampanan Nang Maayos ang Bawat Tungkulin (Ikalawang Bahagi)

Noong huling pagtitipon, nagsagawa tayo ng karagdagang pagbabahaginan para sa ikalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pinag-usapan natin kung ano ang mga paghihirap na umiiral sa buhay pagpasok, at inilantad ang mga partikular na pagsasagawa at pagpapamalas ng mga huwad na lider. Pagkatapos, tinalakay natin ang ilang usapin tungkol sa ikatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang ibahagi ang mga katotohanang prinsipyo na dapat maunawaan para magampanan nang maayos ang bawat tungkulin—at inilantad at hinimay kung saan nagpapamalas ang “pagiging huwad” ng mga huwad na lider sa mga saloobin, pagsasagawa, at pagpapamalas ng mga huwad na lider ukol sa mga bagay na ito, sa madaling salita, ang mga pagpapamalas kung paano nabibigo ang mga huwad na lider na gampanan ang mga responsabilidad nila bilang mga lider. Mangyaring itala ninyo ang mga bagay na ito. (Ang isa sa mga ito ay tungkol sa pag-iimprenta ng mga aklat ng mga salita ng Diyos. Hindi gumawa ng kongkretong gawain ang huwad na lider na iyon, nagsabi lang siya ng mga doktrina sa isang walang kabuluhang paraan. Hindi rin siya partikular na nagbahagi tungkol sa mga katotohanang prinsipyo o gumawa ng ni katiting na tunay na gawain.) Sa bagay na ito, hindi gumawa ng tunay na gawain ang huwad na lider na iyon, nabigo siyang tuparin ang mga responsabilidad niya bilang isang lider at manggagawa, at hindi niya malinaw na ibinahagi ang mga propesyonal na hinihingi, mga espesipikong prinsipyo, at mga puntong dapat tandaan na kasama sa gawain. Sumigaw lang siya ng ilang islogan at nagsabi ng ilang walang kabuluhang salita, at pagkatapos ay inakala na niyang nakapagtrabaho siya nang mahusay. Ano pa ang tinalakay natin? (Nariyan din ang insidente ng pagbili ng isang down coat para sa Diyos.) Anong problema ang inilantad ng insidenteng ito tungkol sa mga huwad na lider? (Inilantad nito na hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider, at na ganap na wala silang pagkatao at katwiran.) Noong may bumili ng isang aytem ng damit para sa Akin, tumulong ang mga lider na iyon na magsagawa ng mga pag-iinspeksiyon dito—bahagi ba ito ng gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa? (Hindi, hindi ito bahagi niyon.) Gumawa sila ng gawaing hindi naman nila dapat gawin—ano ang isyu rito? (Hindi nila inaasikaso ang gawain na marapat nilang gawin.) Isa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider. Una, inilantad nito na hindi inaasikaso ng mga huwad na lider ang gawain na marapat nilang gawin, at pangalawa, inilantad nito na wala silang katwiran at gumagawa lang ng mga kasuklam-suklam na bagay na walang katwiran at pagkatao. Natatandaan lang ninyo ang mga halimbawa, pero hindi pa ninyo nakikita ang totoo sa

mga isyung nilalayong ilarawan ng mga halimbawang ito, o ang diwa ng mga isyung ito na nilalayong himayin ng mga ito. Ano pa ang ibang halimbawang ibinigay Ko tungkol sa hindi pag-aasikaso ng mga huwad na lider sa gawain na marapat nilang gawin? (Nariyan ang tagagawa ng tinapay na gawa nang gawa ng mga tinapay para sa Diyos. Sinabi sa kanya ng Diyos na huwag itong gawin, pero patuloy siyang hinayaan ng mga lider at manggagawa na gawin iyon, at tinikman pa nga nila mismo ang mga tinapay.) Anong mga problema ng mga huwad na lider ang inilantad ng halimbawang ito? (Na hindi nila inaasikaso ang gawain na marapat nilang gawin, o ginagawa ang gawaing dapat nilang gawin, at ipinagpipilitang gawin ang gawaing hindi nila dapat gawin.) Pangunahin nitong inilantad na hindi inaasikaso ng mga huwad na lider ang gawain na marapat nilang gawin at bigo silang maarok ang sentro at pokus ng gawain nila. Dagdag pa rito, may malubhang problema ang mga huwad na lider. Ano ito? (Hindi nila sinusunod ang mga salita ng Diyos o ipinatutupad ang gawain ayon sa mga hinihingi ng Diyos.) May gusto pa bang magdagdag? (Nagkukunwari silang espirituwal at nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa pasanin ng Diyos, pero sa realidad, nag-aamok lang sila sa paggawa ng masasamang bagay.) Isa pa iyon sa mga problema nila. Mayroon pa ba? (Bago sila kumilos, hindi nila sinusubukang unawain ang mga hinihingi ng Diyos; sa halip, ginagamit nila ang sarili nilang mga imahinasyon para palitan ang mga ninanais ng Diyos.) Napapailalim ito sa kategorya ng kawalan ng katwiran. Mayroon pa ba? (Ibinunyag ng paraan ng pagharap ng mga huwad na lider sa usapin ng pagbili ng isang tao ng isang aytem ng damit para sa Diyos ang kawalan nila ng normal na pagkatao.) Anong aspekto ng normal na pagkatao ang wala sa kanila? Hindi nila nauunawaan ang mga panuntunan kung paano aasal at wala silang modo. Hindi ba't totoo iyon? (Oo.) Sa katunayan, pangalawa lang itong mga bagay na binanggit ninyo; ano ang pangunahing isyu? Sa sandaling maging mga lider ang mga tao na ito, ninanais nilang tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan nila at ang espesyal na pagtrato, at nag-iimbot sila ng kaginhawahan. Halimbawa, gusto nilang kumain ng kaunting tinapay, at kapag nakikita nilang magaling magluto ang isang tao, naiisip nilang tikman ang kaunti sa pagkain nito para matugunan ang mga pagkatakam nila. Nakakasuklam na nga na hindi sila nag-aasikaso ng gawain na marapat nilang gawin o gumagawa ng tunay na gawain, pero higit pa roon, nag-iimbot sila ng kaginhawahan at ng mga kasiyahan ng katakawan. Ginagamit nila ang dahilan ng pagsasagawa ng mga pagtikim at pag-iinspeksiyon para sa Diyos para matugunan ang matakaw nilang mga pagnanais, nagpapakasasa sa mga pakinabang ng katayuan nila. Ang lahat ng ito ay mga pagpapamalas ng mga huwad na lider. Kahit na hindi masasabing malupit o buktot ang mga pagpapamalas na ito kapag ikinumpara sa disposisyong diwa ng mga anticristo, ang pagkatao ng mga huwad na lider ay sapat na para masuklam ang mga tao. Pagdating sa karakter nila, kulang sila sa pagkakaroon ng konsensiya at katwiran; medyo mababang-uri at marumi ang pagkatao nila, at mababa ang integridad nila. Mula sa mga halimbawang ito, mapapansing hindi kaya ng mga huwad na lider na gumawa ng tunay na gawain. Isa itong katunayan.

Hindi Kayang Ibahagi ng mga Huwad na Lider ang mga Prinsipyo ng Paggampan sa Gawain

Ngayong araw, ipagpapatuloy natin ang paglalantad sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider batay sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang mga huwad na lider ay talagang walang kakayahang gawin ang mahalagang, kritikal na gawain sa iglesia. Pinangangasiwaan lang nila ang ilang simpleng, pangkalahatang usapin; ang gawain nila ay hindi mahalaga at wala itong papel na magpasya para sa kabuuang gawain ng iglesia, at hindi ito nagbubunga ng mga tunay na resulta. Ang pakikipagbahaginan nila ay pangunahing tumatalakay lang sa mga gasgas at pangkaraniwang paksa, pawang paulit-ulit na salita at doktrina ito at lubha itong walang kabuluhan, malawak, at kulang sa detalye. Ang pakikipagbahaginan nila ay naglalaman lang ng mga bagay na kayang maunawaan ng mga tao kapag literal nilang binabasa ang isang bagay. Hindi man lang kayang lutasin ng mga huwad na lider na ito ang mga tunay na problema ng hinirang na mga tao ng Diyos sa kanilang buhay pagpasok; sa partikular, mas lalong hindi nila kayang lutasin ang mga kuru-kuro, imahinasyon, at pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon. Ang pangunahing bagay ay hindi talaga kayang pasanin ng mga huwad na lider ang mahalagang gawaing isinaayos ng sambahayan ng Diyos, tulad ng gawain sa ebanghelyo, gawain ng paggawa ng pelikula, o gawaing batay sa teksto. Sa partikular, pagdating sa gawaing nangangailangan ng propesyonal na kaalaman, kahit na malinaw na alam ng mga huwad na lider na baguhan sila sa mga larangang ito, hindi nila inaaral ang mga ito, hindi rin sila nagsasaliksik, at lalong hindi nila kayang magbigay ng partikular na direksiyon o lutasin ang mga problemang nauugnay sa mga ito. Gayumpaman, walang-kahihiyan pa rin silang nagdaraos ng mga pagtitipon, nagsasalita nang walang katapusan tungkol sa mga walang kabuluhang teorya, at nagsasabi ng mga salita at doktrina. Alam na alam ng mga huwad na lider na hindi nila kayang gawin ang ganitong uri ng gawain, pero nagpapanggap silang mga eksperto, kumikilos nang palalo, at laging gumagamit ng mga engrandeng doktrina para sitahin ang iba. Hindi nila kayang sagutin ang mga tanong ng sinuman, pero naghahanap sila ng mga dahilan at palusot para sitahin ang iba, tinatanong nila kung bakit hindi nila pinag-aaralan ang propesyon, kung bakit hindi nila hinahanap ang katotohanan, at kung bakit hindi nila kayang lutasin ang sarili nilang mga problema. Ang mga huwad na lider na ito, na mga baguhan sa mga larangang ito at hindi kayang lumutas ng anumang problema, ay patuloy pa ring nangangaral sa iba na parang mataas ang posisyon nila. Sa panlabas, mukhang napakaabala nila sa mata ng iba, na parang marami silang kayang gawin at napakagaling nila, pero sa realidad, wala silang kuwenta. Ang mga huwad na lider ay malinaw na walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain, pero masigasig silang nagpapakaabala, at palagi nilang sinasabi ang mga gasgas na pahayag sa mga pagtitipon, paulit-ulit ang sinasabi nila, nang walang nalulutas ni isang tunay na problema. Sawang-sawa na ang mga tao rito,

at wala talaga silang nakukuhang anumang pagpapatibay mula rito. Ang ganitong uri ng gawain ay labis na hindi epektibo, at wala itong ibinubungang resulta. Ganito gumagawa ang mga huwad na lider, at naaantala ang gawain ng iglesia dahil dito. Gayumpaman, pakiramdam pa rin ng mga huwad na lider na gumagawa sila ng mahusay na gawain at na napakagaling nila, gayong ang totoo ay hindi nila nagawa nang maayos ang alinmang aspekto ng gawain ng iglesia. Hindi nila alam kung ang mga lider at manggagawang nasa saklaw ng responsabilidad nila ay pasok sa pamantayan, at hindi rin nila alam kung kayang pasanin ng mga lider at superbisor ng iba't ibang pangkat ang gawain ng mga ito, at hindi rin nila pinapahalagahan o itinatanong kung may mga problema bang lumitaw sa paggampan ng mga kapatid sa mga tungkulin nila. Sa madaling salita, hindi kayang lutasin ng mga huwad na lider ang anumang problema sa gawain nila, pero nananatili silang masigla habang abala. Sa perspektiba ng ibang tao, ang mga huwad na lider ay kayang sumailalim sa paghihirap, handang magbayad ng halaga, at araw-araw silang abala. Kapag oras na ng pagkain, kailangan pa silang tawagin sa hapag, at natutulog sila nang dis-oras ng gabi. Pero sadyang hindi maganda ang mga resulta ng gawain nila. Kung hindi mo susuriin nang mabuti, sa panlabas ay tila nagagawa ang lahat ng aytem ng gawain, at abala ang lahat sa paggawa ng mga tungkulin nila, pero kung pagmamasdan mo nang mabuti at magiging mabusisi ka, at susuriin mong maigi ang gawain, mabubunyag ang tunay na sitwasyon. Ang bawat aytem ng gawain na saklaw ng responsabilidad nila ay magulo, wala man lang itong estruktura o kaayusan. May mga problema—o maging mga butas—sa bawat aytem ng gawain. Ang paglitaw ng mga problemang ito ay nauugnay sa hindi pagkaunawa ng mga huwad na lider sa mga katotohanang prinsipyo, at sa pagkilos nila batay sa kanilang mga kuru-kuro, imahinasyon, at sigasig. Ang mga huwad na lider ay hindi kailanman nakikipagbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyo, at hindi rin nila kailanman hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga problema. Malinaw na wala silang espirituwal na pang-unawa at hindi nila kayang gumawa ng gawain ng pamumuno, at kaya lang nilang maglitanya ng mga salita at doktrina at hindi talaga nila nauunawaan ang katotohanan, pero nagpapanggap silang alam nila ang mga bagay na hindi nila alam at umaasta silang mga eksperto. Ang gawaing ginagawa nila ay pagraos lang sa bagay-bagay. Kapag may lumilitaw na problema, pikit-mata silang naglalapat ng mga regulasyon dito. Nagpapakaabala lang sila nang pikit-mata at nang walang anumang ibinubungang mga tunay na resulta. Dahil hindi nauunawaan ng mga huwad na lider na ito ang mga katotohanang prinsipyo, at naglilitanya lang sila ng mga salita at doktrina at nagpapayo lang sila sa iba na sumunod sa mga regulasyon, ang pag-usad ng bawat aytem ng gawain ng iglesia ay bumabagal at walang nakakamit na malinaw na mga resulta. Ang pinakahalatang kinahinatnan ng pagkakaroon ng huwad na lider sa gawain nang matagal-tagal na ay na hindi nauunawaan ng karamihan ng mga tao ang katotohanan, hindi nila alam kung paano kumilatis kapag ang isang tao ay nagbubunyag ng katiwalian o bumubuo ng mga kuru-kuro, at tiyak na hindi nila nauunawaan ang mga katotohanang

prinsipyong dapat itaguyod sa paggawa ng mga tungkulin nila. Ang mga gumagampan ng mga tungkulin nila at ang mga hindi ay pawang mga tamad, walang pagpipigil at walang disiplina, at magulo tulad ng nakasabog na buhangin. Karamihan sa kanila ay nakakapagsalita ng ilang salita at doktrina, pero habang ginagawa ang mga tungkulin nila, sinusunod lang nila ang mga regulasyon; hindi nila alam kung paano hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga problema. Dahil ang mga huwad na lider mismo ay hindi alam kung paano hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga problema, paano nila aakayin ang iba na gawin ito? Anuman ang mangyari sa ibang tao, puwede lang silang hikayatin ng mga huwad na lider sa pamamagitan ng pagsasabing, “Dapat maging mapagsaalang-alang tayo sa mga layunin ng Diyos!” “Dapat maging matapat tayo sa paggampan ng mga tungkulin natin!” “Kapag may nangyayari sa atin, dapat matuto tayong magdasal, at dapat nating hanapin ang mga katotohanang prinsipyo!” Madalas na sumisigaw ng ganitong mga islogan at doktrina ang mga huwad na lider, pero wala itong ibinubungang anumang resulta. Matapos marinig ng mga tao ang mga ito, hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang mga katotohanang prinsipyo, at wala silang landas ng pagsasagawa. Sa panlabas, nagdarasal ang mga tao kapag may mga nangyayari sa kanila, at gusto nilang maging tapat sa paggawa ng mga tungkulin nila—pero lahat sila ay walang pagkaunawa sa mga isyung tulad ng kung ano ang dapat nilang gawin para maging tapat sila, kung paano sila dapat magdasal para maunawaan nila ang mga layunin ng Diyos, at paano sila dapat maghanap kapag nahaharap sila sa isang isyu para maunawaan nila ang mga katotohanang prinsipyo. Kapag tinatanong ng mga tao ang mga huwad na lider, sinasabi ng mga huwad na lider, “Kapag may nangyayari sa inyo, magbasa pa kayo ng mga salita ng Diyos, mas magdasal kayo, at mas magbahaginan tungkol sa katotohanan.” Tinatanong sila ng mga tao, “Ano ang mga prinsipyong sumasaklaw sa gawaing ito?” at sinasabi nila, “Walang sinasabi ang mga salita ng Diyos tungkol sa mga usapin ng propesyonal na gawain, at hindi ko rin nauunawaan ang larangang iyon ng gawain. Magsaliksik kayo kung gusto ninyong maunawaan—huwag ninyo akong tanungin. Inaakay ko kayo sa pag-unawa sa katotohanan, hindi sa mga usapin ng propesyonal na gawain.” Ginagamit ng mga huwad na lider ang ganitong uri ng mga salita para umiwas sa mga tanong. At bilang resulta, kahit na ang karamihan ng tao ay may masidhing damdamin para gawin ang mga tungkulin nila, hindi nila alam kung paano kumilos batay sa mga katotohanang prinsipyo, ni hindi nila alam kung paano sumunod sa mga prinsipyo habang ginagampanan ang mga tungkulin nila. Kung titingnan ang mga resulta ng bawat aytem ng gawain sa loob ng saklaw ng responsabilidad ng mga huwad na lider, umaasa lamang ang karamihan ng tao sa kanilang kaalaman, natutuhan, at mga kaloob para gawin ang gawain nila, at ignorante sila pagdating sa mga isyu tulad ng kung ano ang mga partikular na hinihingi ng Diyos, kung ano ang mga prinsipyo ng paggawa ng tungkulin, at kung paano kumilos para makamtan ang resulta ng pagpapatotoo para sa Diyos at kung paano mas epektibong maipapakalat ang ebanghelyo para lahat ng nasasabik sa pagpapakita ng

Diyos ay marinig ang Kanyang tinig, masiyasat ang tunay na daan, at magbalik sa Diyos sa lalong madaling panahon. Bakit ba ignorante sila sa mga bagay na ito? Ito ay direktang nauugnay sa pagkabigo ng mga huwad na lider na gumawa ng tunay na gawain. Ang pangunahing dahilan nito ay hindi alam ng mga huwad na lider mismo kung ano ang mga katotohanang prinsipyo, o kung ano ang mga prinsipyong dapat unawain at sundin ng mga tao. Kumikilos sila nang walang mga prinsipyo, at hindi nila kailanman inaakay ang mga tao na hanapin ang mga prinsipyo ng pagsasagawa at ang mga landas sa mga tungkulin nila. Kapag nakakakita ng problema ang isang huwad na lider, hindi niya ito kayang lutasin, at hindi siya nakikipagbahaginan at naghahanap kasama ang iba, kaya madalas na kailangang ulitin ang bawat aytem ng gawain. Bukod sa pag-aaksaya ito sa mga pondo at materyales, pag-aaksaya rin ito ng lakas at oras ng mga tao. Ang mga gayong kinahihinatnan ay direktang nauugnay sa napakahinang kakayahan at pagiging iresponsable ng mga huwad na lider. Bagama't hindi masasabing sadyang gumagawa ng kasamaan at nagdudulot ng kaguluhan ang mga huwad na lider, puwedeng sabihing hindi talaga nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo sa gawain nila, at palagi silang kumikilos ayon sa sarili nilang kalooban. Tiyak ito. Hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang mga katotohanang prinsipyo, at hindi rin nila kayang makipagbahaginan nang malinaw sa iba tungkol sa mga ito; sa halip, pinapabayaan lang ng mga huwad na lider ang mga tao na gawin ang gusto ng mga ito. Hindi sinasadya na humahantong ito sa pagkilos nang pabasta-basta at sutil ng ilang taong namamahala sa ilang gawain, kumikilos sa anumang paraang gusto nila at ginagawa ang anumang gusto nila. Bilang resulta, bukod sa kakaunti ang mga aktuwal na resulta, nagugulo rin ang gawain ng iglesia. Kapag tinatanggal ang isang huwad na lider, bukod sa hindi niya pinagninilay-nilayan at kinikilala ang sarili niya, nanlilinlang pa siya at ipinagtatanggol ang sarili niya, at hindi niya tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti, at wala talaga siyang balak na magsisi. Baka hilingin pa niya na bigyan siya ng isa pang pagkakataon ng sambahayan ng Diyos, baka sabihin niya na tiyak na kaya niyang gawin nang maayos ang gawain. Naniniwala ba kayo sa kanya? Hindi talaga niya kilala ang sarili niya, hindi rin niya tinatanggap ang katotohanan. Kung gayon, kaya ba niyang mabago ang mga gawi niya? Wala siyang katotohanang realidad, kung gayon, kaya ba niyang gawin nang mahusay ang gawain? Posible ba iyon? Hindi niya ginawa nang maayos ang gawain sa pagkakataong ito—kaya ba niyang gawin ito nang maayos kung bibigyan siya ng isa pang pagkakataon? Hindi iyon posible. Puwedeng sabihin nang may katiyakan na walang kapabilidad sa gawain ang mga huwad na lider; kung minsan, puwede silang magpakapagod at maging sobrang abala, pero pag-aabala ito nang walang direksiyon, at wala itong ibinubunga. Sapat na ito para ipakita na ang mga huwad na lider ay may napakahinang kakayahan, na hindi talaga nila nauunawaan ang katotohanan, at na hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain. Nagdudulot ito ng paglitaw ng maraming problema sa gawain, pero hindi nila kayang lutasin ang mga ito sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa katotohanan, at gumagamit lang sila ng

ilang walang kabuluhang doktrina para hikayatin ang mga tao na sumunod sa mga regulasyon, at dahil dito, nagugulo nila ang gawain at iniiwan itong magulo. Ganito gumagawa ang mga huwad na lider at ang mga kinahinatnan nito. Dapat itong maging babala sa lahat ng lider at manggagawa.

Ang iba't ibang hindi kasiya-siyang isyung lumilitaw sa loob ng iglesia ay direktang may kaugnayan sa mga huwad na lider—isa itong hindi maiiwasang problema. Ang mga huwad na lider na ito ay walang abilidad na arukin ang katotohanan, pero iniisip nila na nauunawaan at naiintindihan nila ang lahat ng bagay, at pagkatapos ay kumikilos sila batay sa sarili nilang mga imahinasyon at kuru-kuro. Kailanman ay hindi nila hinahanap ang katotohanan para tugunan ang kawalan nila ng pang-unawa sa mga katotohanang prinsipyo o sa mga pamantayang hinihingi ng Diyos. Marami na Akong nakasalamuhang lider at manggagawa, at madalas Akong nakikipagkita sa kanila. Kapag nagkikita kami, tinatanong Ko sa kanila, "May anumang isyu ba kayo? Itinala ba ninyo ang mga problemang umiiral sa gawain? May anumang problema bang hindi ninyo kayang lutasin?" Pagkatapos Kong magtanong, tulala sila, at may mga pag-aalinlangan sa puso nila: "Mga lider kami; puwede ba kaming magkaroon ng anumang isyu? Kung mayroon man kami, hindi ba't matagal na sanang naparalisa ang gawain ng iglesia? Anong klaseng tanong ito? Nakikinig kami sa mga sermon at pagbabahaginan, at nasa mga kamay namin ang mga salita ng Diyos. Napakarami naming namumuno sa iglesia, paanong nag-aalala Ka pa rin? Sa pagtatanong nito, malinaw na minamaliit Mo kami. Paano kami magkakaroon ng mga problema? Kung may mga problema kami, hindi kami magiging mga lider. Masyadong hindi nararapat ang tanong Mo!" Sa tuwing tatanungin Ko sila kung may anumang isyu sila, nasa ganitong uri ang kalagayan nila—ang bawat isa sa kanila ay larawan ng pagkamanhid at kahangalan. Napakaraming problema sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, pero hindi talaga ito makita o matuklasan ng mga tao na ito. Hindi nila mabanggit ang mga isyung may kaugnayan sa personal na buhay pagpasok, o ang mga isyung umiiral sa gawain na may nakapaloob na mga katotohanang prinsipyo. Dahil hindi nila mabanggit ang mga isyung ito, tinatanong Ko sila, "Kumusta ang pag-usad ng gawain ng pagsasalin ng mga salita ng Diyos? Alam ba ninyo kung ilang wika na ang dapat maisalin ngayon? Kung aling mga wika ang dapat unang maisalin, at aling mga wika ang sa kalaunan? Kung ilang kopya ng mga salita ng Diyos ang dapat maimprenta para sa mga partikular na wika?" Sumasagot sila, "Ah, isinasalin na ang mga iyon." Tinatanong Ko sila, "Hanggang saan na umusad ang pagsasalin? May anumang isyu ba?" Sumasagot sila, "Hindi ko alam; kailangan kong itanong." Kailangan Ko silang tanungin tungkol sa mga bagay na ito, at hindi pa rin nila alam ang mga sagot. Ano kayang gawain ang ginagawa nila sa buong panahong ito? Tinatanong Ko sila, "Nilutas mo ba ang mga isyung itinanong ng mga kapatid noong nakaraan?" Tumutugon sila, "Nagdaos ako ng pagtitipon kasama sila—isang buong araw na pagtitipon." Tinatanong Ko sa kanila, "Nalutas ba ang mga isyu pagkatapos ng pagtitipon?" Tumutugon sila, "Ibig Mo bang sabihin, kung mayroon pa ring mga isyu ay

dapat kaming magkaroon ng isa pang pagtitipon?” Sabi Ko, “Hindi Ko tinatanong kung nagdaos ka ng pagtitipon o hindi. Tinatanong Ko kung nalutas na ang mga propesyonal na isyu. Nauunawaan ba ng mga tao na ito ang mga prinsipyo? May anumang prinsipyo ba silang nalabag sa paggampan sa mga tungkulin nila? May natuklasan ka bang anumang problema?” Tumutugon sila, “Ah, ang mga problema? Nalutas ko na ang mga iyon. Nagdaos ako ng pagtitipon para sa mga kapatid.” Maipagpapatuloy ba ang usapang ito? (Hindi, hindi na.) Hindi ba’t nakakagalit sa inyo ang pakikinig sa usapang ito? (Oo.) Kumusta ang mga lider na ito? Hindi ba’t mga nagpapanggap na espirituwal na hangal lang sila? Wala sila ng kakayahan ng mga lider at manggagawa; bulag sila, hindi nila nauunawaan kung paano gawin ang gawain, at sumasagot sila ng “hindi ko alam” sa bawat tanong, at kapag patuloy mo silang tinatanong, tumutugon sila ng, “Ano’t anuman, nagdaos ako ng pagtitipon; hayaan mo na lang ito!” Nakagawa ba ang mga lider na ito ng aktuwal na gawain? Pasok ba sila sa pamantayan bilang mga lider? (Hindi.) Mga huwad na lider ang mga ito. Gusto ba ninyo ang ganitong mga uri ng lider? Kung makakaharap ninyo ang ganitong mga lider, ano ang dapat ninyong gawin? Kapag nakikipagkita ang ilang lider sa mga kapatid, sinasabi nila, “Anuman ang mga isyu ninyo ngayong araw, pagbahaginan muna natin kung paano gampanan nang maayos ang mga tungkulin.” Pagkatapos ay sinasabi ng ilang tao, “Naharap kami sa isang isyu sa mga propesyonal na pamamaraan sa mga tungkulin namin: Dapat ba naming gamitin ang mga propesyonal na pamamaraang sikat sa mga walang pananampalataya?” Hindi ba’t isa itong problemang kailangang lutasin ng mga lider? Kung may ilang isyung hindi malulutas sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng mga kapatid, dapat nang mamagitan ang mga lider para lutasin ang mga iyon—tumutukoy ito sa mga responsabilidad ng mga lider. Ano ang ginagawa ng mga huwad na lider kapag nahaharap sila sa mga problemang ito? Sinasabi nila, “Isa itong propesyonal na isyu; problema ninyo ito, ano ang kinalaman nito sa akin? Pagbahaginan ninyo ang isyung ito sa sarili ninyo, pero magdadaos muna ako ng pagtitipon para sa inyo. Sa pagtitipon ngayong araw, pagbabahaginan natin ang maayos na pagtutulungan. Ang tinanong ninyo ngayon lang ay may kaugnayan sa maayos na pagtutulungan. Dapat ay matalakay ninyo ang mga bagay-bagay at sama-sama kayong magbahaginan, at mas magsaliksik; walang sinumang dapat mag-akalang mas matuwid siya kaysa sa iba, at dapat tanggapin ng lahat ang anumang pasyang suportado ng karamihan—hindi ba’t tungkol ito sa maayos na pagtutulungan? Mukhang hindi kayo marunong makipagtulungan nang maayos, o magtalakay ng mga problema kapag lumilitaw ang mga iyon. Tinatanong ninyo ako tungkol sa bawat problema. Para saan ninyo ako tinatanong? Nauunawaan ko ba ang mga bagay na ito? Kung magkagayunman, hindi ba’t mawawalan na kayo ng gagawin? Tinatanong ninyo sa akin ang lahat. Isa ba itong problemang dapat kong tugunan? Responsable lang ako sa pagbabahagi ng katotohanan; lutasin ninyo ang mga propesyonal na isyu sa sarili ninyo. Ano bang pakialam ko sa mga iyan? Gayumpaman, nakipagbahaginan na ako sa inyo at sinabi ko na sa inyong makipagtulungan kayo

nang maayos—kung hindi ninyo magagawa iyon, huwag na ninyong gampanan ang tungkuling ito. Natapos ko na ang pagbabahagi ko; lutasin ninyo ang problema nang kayo lang.” Alam ba ng mga lider na ito kung paano lumutas ng mga problema? (Hindi, hindi nila alam.) Sa kabila ng kawalan ng kaalaman kung paano ito gawin, iniisip nilang napakamakatwiran nila, at sanay sila sa pagtakas sa responsabilidad. Sa panlabas, nagawa na nila ang gawain nila, dumating sila sa lugar para magsagawa ng mga inspeksiyon, at hindi sila nagpapabaya. Gayumpaman, hindi nila kayang gumawa ng aktuwal na gawain o lumutas ng mga aktuwal na problema, na nangangahulugang mga huwad na lider sila. Kaya ba ninyong kilatisin ang ganitong uri ng huwad na lider? Kapag nahaharap sa anumang problema, hindi nila kayang makipagbahaginan tungkol sa mga nauugnay na katotohanan: nagsasabi lang sila ng ilang walang kabuluhang doktrina at teorya na pinalalabas nilang medyo mataas at malalim, at pagkarinig ng mga tao sa mga iyon, bukod sa hindi nauunawaan ng mga ito ang katotohanan, nalilito at naguguluhan pa ang mga ito. Ito ang gawaing ginagawa ng mga huwad na lider.

Sa gawain ng pagbabahagi ng mga katotohanang prinsipyo na dapat maunawaan para magampanan nang maayos ang bawat tungkulin, lubos na nabubunyag ang mga huwad na lider. Hindi nila naibabahagi ang tungkol sa mga katotohanang prinsipyo, o naaakay ang mga tao na sundin at isagawa ang mga katotohanang prinsipyo sa paggampan ng mga tungkulin ng mga ito, o naaakay ang mga ito na maunawaan at makapasok sa katotohanang realidad—hindi nila kayang tuparin ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider. At hindi lang iyon, hindi rin nila kayang alamin palagi ang mga sitwasyon ng mga superbisor ng iba’t ibang gawain at mga tauhan na responsable sa iba’t ibang mahalagang trabaho, at kahit na medyo may pag-arok sila rito, hindi ito tumpak. Nagdudulot ito ng malaking mga kaguluhan at pinsala sa iba’t ibang aytem ng gawain. Ito ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider na ilalantad natin ngayon tungkol sa ikaapat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Ikaapat na Aytem: Alamin Palagi ang Sitwasyon ng mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain at ng mga Tauhan na Responsable sa Iba’t Ibang Mahalagang Trabaho, at Agad na Iayos ang Tungkulin Nila o Tanggalin Sila Kung Kinakailangan, Para Maiwasan o Mabawasan ang mga Kawalan na Dulot ng Paggamit sa mga Taong Hindi Angkop, at Matiyak ang Kahusayan at Maayos na Pag-usad ng Gawain

Dapat na Arukin ng mga Lider at Manggagawa ang mga Sitwasyon ng mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain

Ano ang ikaapat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (“Alamin palagi ang sitwasyon ng mga superbisor ng iba’t ibang gawain at ng mga tauhan na responsable sa iba’t ibang mahalagang trabaho, at agad na iayos ang tungkulin nila o tanggalin sila kung kinakailangan, para maiwasan o mabawasan ang mga kawalan na

dulot ng paggamit sa mga taong hindi angkop, at matiyak ang kahusayan at maayos na pag-usad ng gawain.”) Tama iyan, ito ang pinakamababang pamantayang dapat maabot ng mga lider at manggagawa habang gumagawa ng gawain. Malinaw ba sa inyong lahat ang mga pangunahing responsabilidad ng mga lider at manggagawa tungkol sa ikaapat na aytem na ito? Dapat magkaroon ng malinaw na pagkaunawa ang mga lider at manggagawa sa mga superbisor ng iba’t ibang gawain at sa mga tauhan na responsable sa iba’t ibang mahahalagang trabaho. Saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa na arukin ang mga kalagayan ng mga superbisor ng iba’t ibang gawain at ng mga tauhan na responsable sa iba’t ibang mahahalagang trabaho. Kung gayon, sino ang mga tauhang ito? Pangunahin dito ang mga lider ng iglesia, kasunod ang mga superbisor ng mga pangkat, at ang mga lider ng iba’t ibang grupo. Hindi ba’t kritikal at napakahalaga na maunawaan at maarok ang mga kalagayan tulad ng kung ang mga superbisor ng iba’t ibang gawain at ang mga tauhan na responsable sa iba’t ibang mahalagang trabaho ay nagtataglay ng katotohanang realidad, kumikilos nang may prinsipyo, at nagagawa nang maayos ang gawain ng iglesia? Kung lubusang naaarok ng mga lider at manggagawa ang kalagayan ng mga pangunahing superbisor ng iba’t ibang gawain, at kung gumagawa sila ng naaangkop na mga pagsasaayos sa mga tauhan, katumbas ito ng pagsasagawa nila ng wastong pagsusuri sa bawat aytem ng gawain, at katumbas ito ng pagtupad nila sa kanilang mga responsabilidad at tungkulin. Kung hindi nagagawa ang mga tamang pagsasaayos sa mga tauhang ito at lumitaw ang isang problema, lubhang maaapektuhan ang gawain ng iglesia. Kung ang mga tauhang ito ay may mabuting pagkatao, may pundasyon sa kanilang pananampalataya sa Diyos, responsable sa pangangasiwa ng mga bagay-bagay, at nagagawa nilang hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga problema, mas mapapadali ang mga bagay-bagay kapag sila ang pinamahala sa gawain, at ang pinakamahalaga ay na makakausad nang maayos ang gawain. Pero kung ang mga superbisor ng iba’t ibang grupo ay hindi maaasahan, may masamang pagkatao at hindi maganda ang asal, at hindi isinasagawa ang katotohanan, at, bukod pa riyan, maaaring magsanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan, magkakaroon ito ng epekto sa gawain na kanilang pananagutan at sa buhay pagpasok ng mga kapatid na kanilang pinamumunuan. Siyempre pa, ang epektong iyon ay maaaring malaki o maliit. Kung pabaya lamang ang mga superbisor sa kanilang mga tungkulin at hindi inaasikaso ang kanilang nararapat na gawain, maaaring magsanhi lamang ito ng ilang pagkaantala sa gawain; medyo babagal ang pag-usad, at hindi masyadong mabisa ang gawain. Gayunman, kung sila ay mga anticristo, magiging malubha ang problema: Hindi ito magiging isyu ng pagiging hindi mas mabisa at hindi pagiging epektibo ng gawain—gagambalain at pipinsalain nila ang gawain ng iglesia na nasa ilalim ng responsabilidad nila, na nagdudulot ng malalang pinsala. Kaya nga, ang pagkaalam sa mga kalagayan ng mga superbisor ng iba’t ibang gawain at ng mga tauhang responsable sa iba’t ibang mahalagang gawain, at ang maagap na pag-aayos at pagtatanggal kapag nakikita nilang hindi gumagawa ng aktuwal na gawain ang isang

tao ay hindi isang obligasyon na maaaring iwasan ng mga lider at manggagawa—ito ay gawaing lubhang seryoso at mahalaga. Kung agad na malalaman ng mga lider at manggagawa ang katangian ng mga superbisor sa iba't ibang gawain at ng mga tauhang responsable sa iba't ibang mahalagang gawain, at ang saloobin ng mga ito sa katotohanan at sa kanilang mga tungkulin, gayundin ang mga kalagayan at paggampan ng mga ito sa bawat panahon at bawat yugto, at agad nilang maiaayos at mapangangasiwaan ang mga taong iyon ayon sa sitwasyon, maaaring tuluy-tuloy na umusad ang gawain. Sa kabaligtaran naman, kung ang mga taong iyon ay gumagawa ng masasamang bagay nang walang pakundangan at hindi sila gumagawa ng tunay na gawain sa iglesia, at hindi ito kayang tukuyin kaagad ng mga lider at manggagawa, ni makagawa ng napapanahong mga pag-aayos ang mga lider at manggagawa, bagkus ay naghintay sila na lumitaw ang lahat ng uri ng mabibigat na problema, na nagdudulot ng malalaking kawalan sa gawain ng iglesia, bago kaswal na subukang asikasuhin ang mga ito, magsagawa ng mga pag-aayos, at itama at isalba ang sitwasyon, kung gayon, basura ang mga lider at manggagawa na iyon. Sila ay tunay na mga huwad na lider na dapat tanggalin at itiwalag.

Ngayon lang, pinagbahaginan natin sa malawak na paraan ang tungkol sa kahalagahan ng pagkaunawa at pagkakaroon ng pag-arok sa mga tunay na kalagayan ng mga superbisor ng iba't ibang gawain at ang pagiging epektibo ng gawain nila, ginagamit ang mga tunay na kalagayang ito para suriin kung natupad ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila, at inilalantad kung anong mga pagpapamalas ang ipinapakita nila na nagpapatunay na mga huwad na lider sila, sa gayon ay hinihimay ang diwa ng mga huwad na lider. Kapag nagkakaroon ng malulubhang problema sa gawain ng iglesia, nabibigo ang mga huwad na lider na tuparin ang mga responsabilidad nila. Hindi nila agad natutuklasan ang mga isyung ito, lalong hindi napapangasiwaan at nalulutas ang mga ito sa tamang oras. Humahantong ito sa pagtagal ng mga isyu, na pagkatapos ay nagdudulot ng mga pagkaantala at pinsala sa gawain ng iglesia, at puwede pa ngang magdulot ng pagkaparalisa o pagkakagulo ng gawain ng iglesia. Kapag nangyari ito ay saka lang atubiling pumupunta ang mga huwad na lider para magmasid sa lugar ng gawain ng iglesia, pero hindi pa rin nila matukoy ang mga kaukulan o angkop na solusyon para lutasin ang mga problema, at kalaunan ay hinahayaan na lang nilang hindi nalulutas ang mga iyon. Ito ang pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider.

Mga Pamantayan sa Pagpili ng mga Superbisor ng Iba't Ibang Gawain

Medyo malinaw na ba sa karamihan ang tungkol sa mga pamantayan sa pagpili ng mga superbisor ng iba't ibang gawain at ng mga tauhang responsable sa iba't ibang mahalagang trabaho? Halimbawa, ano ang pangunahing dapat taglayin ng superbisor ng gawaing sining? (Dapat siyang magtaglay ng mga propesyonal na kasanayan sa larangang ito at makapagpasan ng gawain.) Ang pagkakaroon ng mga propesyonal na kasanayan ay isang teorya. Kaya, ano nga ba ang partikular na tinutukoy ng mga

propesyonal na kasanayang ito? Ipaliwanag natin ito. Kung may isang tao na nasisiyahan sa pagguhit at interesado sa paglikha ng sining, pero hindi niya ito propesyon, at wala siyang kaalaman sa larangang ito, at gusto lang niya ito, angkop bang piliin ang ganoong tao bilang superbisor ng isang pangkat ng sining? (Hindi, hindi angkop.) Sinasabi ng ilan, “Kung mahilig siyang lumikha ng sining, kaya niyang gawin ang trabaho at unti-unti itong matututuhan.” Tama ba ang pahayag na ito? (Hindi.) May isang eksepsiyon dito, ito ay kung hindi rin pamilyar sa propesyon ang lahat ng tao sa pangkat ng sining, at medyo mas maraming alam ang tao na ito at mas mabilis matuto kaysa sa iba. Kung ganoon, medyo magiging angkop na ba ang pagpili sa kanya? (Oo.) Bukod sa sitwasyong ito, sabihin nating sa lahat ng tao na may kinalaman sa paglikha ng sining, ang tao na ito lang ang hindi nakakaalam sa propesyon, pero napili siya dahil nauunawaan niya ang katotohanan at mahilig siyang lumikha ng sining—angkop ba iyon? (Hindi, hindi ito angkop.) Bakit hindi ito angkop? Dahil hindi siya ang una o ang tanging pinagpipilian. Kung ganoon ay paano dapat piliin ang ganitong uri ng superbisor? Dapat siyang piliin mula sa mga pinakamahusay at pinakabihasang tao sa propesyon; ibig sabihin, dapat ay eksperto siya, parehong taglay ang propesyonal na mga kasanayan at kapabilidad sa gawain—huwag pumili ng hindi eksperto. Isang aspekto ito. Dagdag pa rito, dapat siyang magdala ng pasanin, magtaglay ng espirituwal na pang-unawa, at kaya niyang unawain ang katotohanan. Kahit papaano ay dapat mayroon din siyang pundasyon sa pananalig niya sa Diyos. Ang mga pangunahing prinsipyo ay: Una, dapat ay may kapabilidad siya sa gawain; ikalawa, dapat ay nauunawaan niya ang propesyon; at ikatlo, dapat ay may espirituwal na pang-unawa siya at kaya niyang unawain ang katotohanan. Gamitin ninyo ang tatlong pamantayang ito para pumili ng mga superbisor para sa iba’t ibang gawain.

Ang mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Tungkol sa mga Superbisor ng Iba’t Ibang Gawain

Pagkatapos pumili ng mga superbisor para sa iba’t ibang partikular na aytem ng gawain, hindi dapat basta tumabi at wala nang gawin ang mga lider at manggagawa; kailangan din nilang sanayin at linangin ang mga superbisor na ito sa loob ng ilang panahon, para makita kung talagang kaya ng mga taong pinili nila na pasanin ang gawain at dalhin ito sa tamang landas. Iyon ang ibig sabihin ng pagtupad sa mga responsabilidad nila. Ipagpalagay na, noong panahon ng pagpili, nakita mong nauunawaan ng mga kandidato mo ang mga propesyon nila, nagtataglay sila ng kapabilidad sa gawain, nagdadala ng kaunting pasanin, at nagtataglay ng espirituwal na pang-unawa at ng kakayahang unawain ang katotohanan, at iniisip mong magiging maayos ang lahat dahil kalipikado sila sa mga aspektong ito, at sinasabi mo, “Puwede na kayong magsimulang gumawa; nasabi ko na sa inyo ang lahat ng prinsipyo. Mula ngayon, gawin na lang ninyo ang itatagubilin ng sambahayan ng Diyos na gawin ninyo nang kayo lang.” Isa ba itong katanggap-tanggap na paraan para isakatuparan ang gawain? Kapag naisaayos mo na

ang mga superbisor, ibig ba nitong sabihin ay puwedeng hanggang doon na lang ang gawin mo? (Hindi, hindi ganoon.) Kung ganoon ay ano ang dapat gawin? Ipagpalagay na nakikipagtipon ang isang lider sa mga superbisor nang dalawang beses kada linggo, nagbabahagi ng katotohanan sa kanila, at hanggang doon lang, naniniwalang dahil ang lahat ng superbisor na iyon ay maagap, maaasahan, at kayang umunawa ng sinasabi ng ibang tao, samakatwid ay kaya na nilang magsagawa alinsunod sa katotohanan. Iniisip ng lider na ito na hindi niya kailangang siyasatin o kumustahin kung paano partikular na ginagawa ng mga superbisor na ito ang gawain ng mga ito, kung nakikipagtulungan ba ang mga ito nang maayos sa iba, kung naarok na ba ng mga ito ang mga propesyonal na kasanayan sa panahong ito, o kung gaano na ang natapos ng mga ito sa gawaing ibinigay sa mga ito ng sambahayan ng Diyos. Sa ganitong paraan ba dapat pangasiwaan ng isang lider at manggagawa ang gawain? (Hindi, hindi sa ganitong paraan.) Ganito ginagawa ng mga huwad na lider ang gawain nila. Sinusubukan nilang tapusin ang lahat ng gawain nang minsanan lang, isinasaayos nila ang mga superbisor at bumubuo ng isang grupo na may ilang miyembro, at pagkatapos ay sinasabing, “Simulan na ninyo ang gawain. Kung kailangan ninyo ng anumang kagamitan, ipaalam ninyo sa akin, at bibilhin ito ng sambahayan ng Diyos para sa inyo. Kung mahaharap kayo sa anumang paghihirap sa pang-araw-araw ninyong mga buhay o sa anumang problema, huwag kayong mag-aatubiling sabihin ang mga iyon, at palaging lulutasin ng sambahayan ng Diyos ang mga iyon para sa inyo. Kung wala kayong anumang paghihirap, tumuon kayo sa gawain ninyo. Huwag kayong magdulot ng mga pagkagambala o kaguluhan, at huwag kayong bumigkas ng anumang mabulaklak na ideya.” Isinasaayos ng mga huwad na lider na sama-samang magtulungan ang mga tao na ito, at iniisip na basta’t may pagkain, inumin, at tirahan ang mga ito, sapat na iyon, at hindi na kailangang bigyang-pansin pa ang mga ito. Kapag tinatanong ng ang Itaas, “Gaano na ba katagal mula nang piliin ang mga superbisor para sa gawaing ito? Kumusta ang pag-usad ng gawain?” tumutugon sila, “Anim na buwan na. Nakapagdaos na kami ng halos 10 pagtitipon para sa kanila, at mukhang maganda naman ang lagay ng loob nila, at natatapos ang gawain.” Kapag tinatanong ng ang Itaas, “Kung ganoon ay kumusta ang kapabilidad ng mga superbisor sa gawain?” sinasabi nila, “Ayos naman; noong pinili namin sila, sila ang pinakamahuhusay.” Tinatanong sila ng ang Itaas, “Kumusta na sila ngayon? Kaya ba nilang gumawa ng aktuwal na gawain?” Tumutugon sila, “Nagdaos ako ng pagtitipon para sa kanila.” Tumutugon ang ang Itaas, “Hindi ko tinatanong kung nagdaos ka ng pagtitipon; tinatanong ko kung kumusta ang gawain nila.” Sinasabi nila, “Malamang ay ayos naman ito; walang sinumang nag-ulat ng hindi maganda tungkol sa kanila.” Tumutugon ang ang Itaas, “Hindi isang pamantayan ang walang sinumang nag-uulat ng masama tungkol sa kanila. Kailangan mong tingnan kung kumusta ang kapabilidad sa gawain at mga propesyonal na kasanayan nila, at tingnan kung nagtataglay sila ng espirituwal na pang-unawa, at kung gumagawa sila ng tunay na gawain.” Tumutugon sila, “Noong panahon ng pagpili, mukhang maayos naman sila. Matagal-tagal ko nang

hindi natatanong ang mga detalyeng ito. Kung gusto mong malaman, magtatanong ulit ako.” Ganito gumawa ng gawain ang mga huwad na lider. Patuloy silang nagdaraos ng mga pagtitipon at walang-tigil sa pakikipagbahaginan sa mga tao na nasa ilalim nila, pero pagdating sa ang Itaas, nagpapaligoy-ligoy at nagbibigay sila ng mga pabasta-bastang tugon. Ang pinakapabasta-bastang tugon nila ay ang sabihing, “Nagdaos ako ng isang pagtitipon para sa kanila. Noong nakaraan, nagtanong ako tungkol sa gawain, nang detalyadong-detalyado.” Ganito sila tumutugon sa ang Itaas. Gumagawa ba ng tunay na gawain ang mga huwad na lider na ito? Natukoy ba nila ang mga tunay na isyu? Nalutas ba nila ang mga iyon? Pagkatapos isaayos ang mga superbisor, ang mga huwad na lider ay lubos na ignorante sa kung natupad ng mga superbisor ang mga responsabilidad ng mga ito o naging tapat, kung paano ginagawa ang gawain, kung maganda o masama ang mga resulta, kung paano nag-uulat ang mga kapatid tungkol sa mga tao na ito, o kung may mas angkop na mga indibidwal para sa trabaho. Bakit ignorante sila sa mga bagay na ito? Dahil hindi nila ginagawa ang tunay na gawaing ito; nagpapakaabala lang sila sa mga walang saysay na bagay. Iniisip nilang hindi kinakailangang palaging pangasiwaan at inspeksiyonin nang ganito ang gawain, na mangangahulugan ito na wala silang tiwala sa mga superbisor na iyon. Sa isip nila, ang pagdaraos ng mga pagtitipon ay pagtupad sa mga responsabilidad nila at pagpapakita ng katapatan. Ito ang pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain.

I. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na Hindi Gumagawa ng Tunay na Gawain

Nagbubulag-bulagan ang mga huwad na lider sa iba’t ibang sitwasyon ng mga superbisor ng bawat uri ng gawain sa iglesia; wala silang pag-arok sa mga sitwasyong ito, o hindi nila sinisiyasat, o pinangangasiwaan, o nilulutas ang mga ito. Ano ba ang mga partikular na sitwasyon ng mga superbisor? Ang una ay kapag ang mga superbisor ay hindi nagbubuhat ng pasanin, at kumakain, umiinom, at naghahanap ng libangan, nang hindi nag-aasikaso ng gawain na marapat nilang gawin o gumagawa ng tunay na gawain. Hindi ba’t isa itong malubhang problema? (Oo.) May ilang tao na may kapabilidad sa gawain, na mahusay sa isang propesyon, at sila ang pinakamagaling; matatas silang magsalita at matalino, at kung ipapaulit sa kanila ang mga tagubilin ay magagawa nila iyon nang walang pagkakamali, sapat na matalino sila; nakakakuha sila ng magagandang pagsusuri mula sa lahat, at medyo matagal na silang mananampalataya. Dahil dito, napipili sila na maging mga superbisor. Gayumpaman, walang sinumang nakakaalam kung pragmatiko, kayang magbayad ng halaga, o kayang gumawa ng aktuwal na gawain ang mga tao na ito. Dahil pinili sila ng mga tao, sa simula ay itinaas ang posisyon nila para linangin at gamitin sa maikling panahon ng pagsubok. Gayumpaman, pagkatapos gumawa sa loob ng ilang panahon, natuklasan na sa kabila ng mga propesyonal na kasanayan at karanasan nila, matakaw at tamad sila, at ayaw

nilang magbayad ng halaga. Tumitigil sila sa paggawa sa sandaling maging medyo nakakapagod ito, at ayaw nilang pagtuunan ng pansin ang sinumang may mga problema o paghihirap na nangangailangan ng gabay nila. Sa umaga, sa sandaling imulat nila ang mga mata nila, iniisip nila, “Ano ang kakainin ko ngayong araw? Ilang araw na mula noong nagluto ng nilagang baboy sa kusina.” Kadalasan, palagi nilang sinasabi sa iba, “Talagang masarap ang mga pagkain sa bayan ko; dati ay lumalabas kami para kumain ng mga iyon sa bawat piyesta. Noong nag-aaral pa ako, tuwing katapusan ng linggo ay natutulog ako hanggang sa magising ako nang kusa, at pagkatapos ay kakain ako nang hindi nag-aabalang maghilamos o magsuklay. Sa hapon, naglalaro ako ng mga video game sa loob ng bahay nang nakapantulog, kung minsan ay hanggang alas-5 na nang umaga kinabukasan. Ngayon, pinuwersa ako ng gawain sa sambahayan ng Diyos hanggang sa puntong ito, at bilang isang superbisor, may mga partikular na bagay akong kailangang gawin. Tingnan ninyo kung gaano kaganda ang sitwasyon ninyong lahat; hindi ninyo kailangang bayaran ang halagang ito. Bilang isang superbisor, kailangan kong kayanin ang paghihirap na ito.” Sinasabi nila ito, pero naghihimagsik ba sila laban sa laman? Nagbabayad ba sila ng halaga? Puro reklamo sila, at ayaw nilang gumawa ng anumang aktuwal na gawain. Gumagalaw lang sila kapag pinipilit, at kapag walang nangangasiwa, umaasal sila sa isang pabasta-bastang paraan. Sa paggampan sa tungkulin nila, maluwag sila at hindi disiplinado, madalas ay tuso at nagpapabaya sila, at kahit kaunti ay hindi sila responsable. Pagdating sa mga propesyonal na problemang napapansin nga nila, hindi nila itinatama ang mga iyon para sa ibang tao, at masaya sila kapag kumikilos ang lahat sa pabasta-bastang paraan katulad nila. Ayaw nilang seryosohin ng sinuman ang gawain. May ilang superbisor na kaswal at pabasta-bastang tinatapos ang ilang kasalukuyang gampanin, pagkatapos ay walang-tigil silang nagbabababad sa panonood ng mga drama sa telebisyon. Ano ang dahilan nila sa pagbabababad sa panonood ng mga drama? “Natapos ko na ang mga gampanin ko; hindi ako palamunin sa sambahayan ng Diyos. Nagpapahinga lang ako para mapasigla ang isip ko. Kung hindi, masyado akong mapapagod, at magdurusa ang kahusayan ko sa gawain. Hayaan ninyo akong magpahinga nang sandali, para tumaas ang kahusayan ko sa gawain.” Patuloy silang nanonood ng mga drama hanggang alas-2 o alas-3 ng madaling araw. Kapag nakapag-almusal na ang lahat kinabukasan nang alas-8 ng umaga at nagsimula nang gumawa ng mga tungkulin ang mga ito, tulog pa rin ang mga superbisor na ito, at hindi sila bumabangon sa higaan kahit na mataas na ang araw sa langit. Kalaunan, atubili silang bumabangon, hinihila paabante ang tamad nilang laman, nag-iinat at naghihikab, at kapag nakita nilang nakapagsimula nang gumawa ang lahat, natatakot silang mapansin ng iba ang katamaran nila, at nagsisimulang maghanap ng mga palusot, “Masyado akong napuyat kagabi, napakarami kong dapat gawin, masyadong mabigat ang gawain. Medyo pagod ako. Napanaginipan ko pa nga kagabi na may isyu sa kung anong gawain. Pagkagising ko ngayong umaga, nakapuwesto ang mga kamay ko na parang nagtitipa sa kompyuter. Masyadong malabo ang isip ko, at kailangan kong

umidlip mamayang hapon.” Tanghaling-tanghali na sila gumising at kailangan din nilang umidlip sa hapon—hindi ba’t naging mga baboy na sila? Malinaw na nagpapabaya sila, pero nagpapalusot pa sila para pangatwiranan at ipagtanggol ang sarili nila, sinasabing pagod sila dahil pinagpuyatan nilang gawin ang tungkulin nila. Malinaw na nagbababad sila sa panonood ng mga drama, nagpapakasasa sa ginhawa ng laman, at namumuhay sa isang mapagpalayaw na kalagayan, pero sa huli ay nakakahanap pa sila ng masarap pakinggang palusot para linlangin ang iba. Hindi ba’t hindi ito pag-aasikaso sa gawain na marapat nilang gawin? (Oo, ganoon nga.) Puwedeng may kapabilidad sa gawain at mga propesyonal na kasanayan ang ganitong mga tao, pero pasok ba sila sa pamantayan bilang mga superbisor? Malinaw na hindi. Hindi sila nababagay sa pagiging mga superbisor dahil masyado silang tamad, nagpapakasasa sila sa ginhawa ng laman, matakaw sila sa pagkain, tulog, at libangan, at hindi nila kayang pasanin o tuparin ang mga responsabilidad ng isang superbisor.

May ilang babaeng madalas magtingin-tingin ng mga damit, sapatos, pampaganda, at pagkain online, at kapag tapos na sila, nagsisimula silang magbabad sa panonood ng mga drama. Sinasabi ng mga tao, “Bakit nagbababad ka sa panonood ng mga drama samantalang hindi mo pa natatapos ang gawain mo? Isa pa, napakarami pa ring isyu ng ibang tao. Bilang isang superbisor, dapat mo silang bigyan ng gabay. Bakit hindi mo tinutupad ang mga responsabilidad mo?” Sinasabi ng mga babaeng ito, “Bahagi rin ng gawain ko ang pagbababad sa panonood ng mga drama. Kailangang mabuo ang mga video at pelikula ng sambahayan ng Diyos, at kailangan kong maghanap ng inspirasyon sa mga drama na ito!” Hindi ba’t mapanlinlang na sabihin ito? Kung may kinalaman ka sa propesyong ito, katanggap-tanggap ang paminsan-minsang panonood ng mga drama na pang-inspirasyon, pero paghahanap ba ng inspirasyon ang pagbababad sa panonood ng mga ito sa araw at gabi? Hindi ba’t mapanlinlang iyon? (Oo, ganoon nga.) Alam ng lahat kung ano ang nangyayari, kaya ang pagsasabi ng ganoong mga bagay ay pagbebenta ng dignidad at integridad mo. May ilang tao na nakagawian nang maglaro ng mga video game, at naging regular na bahagi na ito ng mga buhay nila. Gayumpaman, pagkatapos mapili bilang mga superbisor, hindi ba’t dapat na nilang baguhin ang masasamang gawi at bisyong ito? (Oo.) Kung hindi mo kayang maghimagsik laban sa mga ito, kapag napili ka bilang isang superbisor, dapat mong sabihing, “Hindi ko kayang pasanin ang gawaing ito. Adik ako sa paglalaro ng mga video game. Kapag naglalaro ako ng mga ito, nawawalan ako ng kamalayan sa paligid, at walang sinumang makakahadlang o makakapagpabago ng isip ko. Kung pipiliin ninyo ako, tiyak na maaantala nito ang gawain. Kaya kumilos na kayo agad at huwag ninyo akong payagang maging isang superbisor.” Kung hindi mo ito sasabihin nang maaga at matutuwa ka at ipagmamalaki mo kapag napili ka, pahahalagahan ang katayuang ito, pero ipinagpapatuloy mo ang paglalaro ng mga video game kapag naisipan mo gaya ng ginagawa mo noon, kapag isa kang superbisor, hindi ito angkop, at tiyak na maaantala nito ang gawain.

May ilang superbisor na may mga partikular na masamang gawi. Nang piliin sila ng mga kapatid, hindi nauunawaan ng ilan ang sitwasyon nila, habang ang iba naman ay naniniwalang kayang gugulin ng mga indibidwal na ito ang sarili nila para sa Diyos nang full-time, at nag-iisip na puwedeng unti-unting magbago ang masasamang gawi at bisyo ng mga kabataan sa pagtanda at sa patuloy na pag-unawa sa katotohanan. Maraming tao ang nagkikimkim ng saloobin at pananaw na ito kapag pinipili ang mga indibidwal na ito para maging mga superbisor. Pagkatapos mapili ang mga indibidwal na ito, gumagawa sila ng ilang gawain, pero hindi nagtatagal bago sila maging negatibo at mag-isip na, “Hindi madaling maging isang superbisor. Kailangan kong gumising nang maaga at magpuyat, at dapat ay mas marami akong gawin at mas maraming obserbahan kaysa sa ibang tao sa bawat pagkakataon. Kailangan ko ring mas mag-alala, at gugulin ang mas maraming oras at lakas ko. Mahirap ang trabahong ito; masyado itong nakakapagod!” Dahil dito, iniisip nilang magbitiw. Kung hindi ka nagbubuhat ng pasanin, hindi mo magagawa ang gawain ng isang superbisor. Kung nagdadala ka nga ng pasanin sa puso mo, magiging handa kang alalahanin ang gawain, at kahit na medyo mas pagod ka kaysa sa iba, hindi mo mararamdamang nagdurusa ka. Kahit kapag oras na para magpahinga, iisipin mo pa rin, “Kumusta ang naging takbo ng gawain ngayong araw?” Kung bigla mong maaalala ang isang isyung nananatiling hindi nalulutas, hindi ka makakatulog. Kung nagbubuhat ka ng pasanin sa puso mo, palagi mong iisipin ang tungkol sa gawain, at ni hindi mo aalalahanin kung gaano ka kaayos na kumakain o nagpapahinga. Kung masyadong magaan ang bubuhating pasanin ng mga tao bilang mga superbisor, ilang araw lang magtatagal ang kaunting kasiglahan nila, at sa paglipas ng panahon, hindi na ito kakayanin ng ilan sa kanila. Iisipin nila, “Masyadong nakakapagod ang trabahong ito. Ano ang isang paraan para malibang ko ang sarili ko at makapagpahinga nang sandali? Maglalaro ako ng ilang video game.” Gumaganap sila nang maayos sa sandaling panahon, pero bigla silang nangangating maglaro ng mga video game. Kapag nagsimula na sila, hindi na nila kayang tumigil; nawawala ang maliit na pasaning minsan nilang binuhat habang naglalaro sila, pati na ang masigasig na motibasyon nilang gugulin ang sarili nila, ang determinasyon nila, at ang positibong saloobin nila sa paggawa ng mga tungkulin nila. Kapag may nagtatanong sa kanila ng isang bagay, nawawalan sila ng pasensiya. Pupungusan nila ang mga tao, o sesermunan ang mga ito at pipintasan, o gagawin nang pabasta-basta ang mga bagay-bagay at tatalikuran ang gawain nila. Hindi ba’t may problema sa mga superbisor na ito? (Oo.) Sa umaga, bahagya lang nilang tinatapos ang gawain nila nang lutang ang isip, at sa gabi, kapag walang nakakakita, palihim silang naglalaro ng mga video game, hindi talaga natutulog buong magdamag. Sa simula, palagay sila rito, iniisip na, “Hindi ko naman inantala ang gawain noong umaga. Nagawa ko ang lahat ng gawaing dapat kong gawin. Nalutas ko ang lahat ng problemang tinanong sa akin ng iba. Kahit na hindi ako matulog sa gabi para magkaroon ng libreng oras para maglaro ng mga video game, hindi ba maituturing ang lahat ng ito bilang pagiging matapat ko?” Ang resulta, sa

sandaling magsimula silang maglaro ng mga video game, hindi na sila makahinto, at wala silang sinumang pinakikinggan. Kahit na hindi nito naaapektuhan ang pahinga ng ibang tao o ang kapaligiran ng gawain, kaya pa rin bang pasanin ng ganoong mga superbisor ang gawain nila? Kaya ba nila itong gawin nang maayos? (Hindi.) Bakit hindi? Madalas silang naglalaro ng mga video game buong gabi nang hindi natutulog at kailangan nilang gumawa sa umaga—gaano karaming lakas ang taglay ng isang tao? Magiging mataas ba ang kahusayan nila sa gawain kung mananatili sila sa paglalaro ng mga video game nang ganito? Talagang hindi. Samakatwid, hindi talaga kayang tuparin ng ganoong mga superbisor ang mga tungkulin nila o na pasanin ang gawain nila. Kahit na may mga propesyonal na kasanayan at kaunting kakayahan sila, mahilig silang maglaro at hindi nila inaasikaso ang gawain na marapat nilang gawin. Hindi ba't dapat matanggal ang mga superbisor na ito? Kung hindi sila matatanggal, maaantala ang gawain. Sinasabi ng ilang tao, "Kung matatanggal sila, hindi tayo makakahanap ng ibang may mga propesyonal na kasanayang taglay nila. Kailangan natin silang hayaang gawin ang trabahong ito—kaya pa rin nilang pasanin ang gawain kahit na naglalaro sila ng mga video game." Tama ba ang pahayag na ito? (Hindi, hindi ito tama.) Hindi kayang sabay na pagtuunan ng isang tao ang dalawang bagay; limitado ang lakas ng mga tao. Kung itutuon mo sa paglalaro ang karamihan sa lakas mo, maaapektuhan ang debosyon mo sa paggawa ng mga tungkulin mo, at matinding makokompromiso ang pagiging epektibo mo sa paggawa ng mga tungkulin mo. Isa itong iresponsableng saloobin sa paggawa ng isang tungkulin. Kahit na ilagay ng isang tao ang buong puso at buong lakas niya sa mga tungkulin niya, hindi naman talaga magiging isandaang porsiyentong pasok sa pamantayan ang mga resulta. Magiging mas malala pa kung itutuon mo ang puso mo at karamihan sa lakas mo sa paglalaro—wala ka nang masyadong matitirang lakas at pag-iisip para gamitin sa paggampan sa mga tungkulin mo, at maaapektuhan ang pagiging epektibo mo sa paggawa ng mga tungkulin mo. Ang sabihing maaapektuhan ito ay isang konserbatibong paraan ng pagsasabi nito; sa realidad, lubhang mapipinsala ang pagiging epektibo mo sa paggawa ng mga tungkulin mo. Kung matutukoy ang ganoong mga superbisor, dapat ay agad na iayos ang kanilang tungkulin, at dapat silang tanggalin, dahil hindi na sila itinuturing na kapaki-pakinabang. Hindi lang ito dahil hindi pasok sa pamantayan ang paggampan nila sa mga tungkulin nila—hindi na nila kayang pasanin ang gawain nila at hindi nila kayang magkaroon ng positibong epekto sa gawain nila. Samakatwid, mas makabubuting humanap ng isang tao na aako sa gawain nila na masigasig at responsable sa kabila ng pagkakaroon ng bahagyang kulang ng propesyonal na kasanayan kaysa sa kanila.

Ngayon-ngayon lang, ibinahagi Ko ang tungkol sa iba't ibang uri ng tao na matakaw sa pagkain, tulog, at libangan. May isa pang uri ng tao. Noong una, noong pinipili ang mga superbisor, nakikita na ang ganitong uri ng tao ay angkop sa lahat ng aspekto para sa posisyon, at handa ang lahat ng kapatid na piliin siya. Iniisip nila na may mabuting pagkatao ang tao na ito, na masigasig siya, at mahusay sa propesyon niya, at siya rin

ang pinakamagaling at pinakamalakas sa pangkat sa bawat aspekto, kaya malinaw na siya ang pipiliin para sa posisyon ng superbisor. Gayumpaman, ilang panahon matapos mapili, nagsimula nang madalas antukin ang tao na ito, kahit sa mga pagtitipon. Kapag kinakausap siya ng iba, palagi siyang nalilito at nagbibigay ng mga walang kaugnayang sagot sa mga katanungan. Hindi siya ganito dati, kaya bakit parang bigla siyang naging ibang tao? Kalaunan, hindi sinasadyang natuklasan ng isang tao na ang pakikipag-usap ng superbisor na ito sa isang partikular na tao ay parang may romantikong relasyon silang dalawa, at nagkakaroon ng espekulasyon kung talagang may romantikong ugnayan sila. Habang mas lumilinaw ang usaping ito, lalong naguguluhan ang superbisor na ito. Sa tuwing may nagtatanong o kumakausap sa kanya tungkol sa isang bagay, hindi na siya kasingbilis tumugon tulad ng dati, at hindi na siya kasinglinaw at kasingdaling unawain gaya noon. Paunti nang paunti ang ginagawa niya sa gawaing dapat gawin ng isang superbisor, at pabawas nang pabawas ang kasigasigan niya sa paggampan sa tungkulin niya. Para bang naging ibang tao siya; mas interesado siya sa mga damit at personal na pag-aayos niya kaysa sa dati. May problema rito. Dati, sa mga panahong abala sa gawain, madalang siyang maligo, pero ngayon ay dalawang beses siyang naghihilamos sa isang araw, at nagsusuklay at nananalamin siya sa bawat pagkakataon, at palagi niyang tinatanong sa iba, “Sa tingin mo ba ay mas pumuti o umitim ako nitong mga nakaraan? Bakit parang umitim ako?” Tumutugon ang mga tao, “Napakababaw naman para sa iyo, na isang superbisor, na sabihin ang mga bagay na ito—paano nakakaapekto sa kahit na ano ang pagputi o pag-itim?” Palagi siyang nagsasalita tungkol sa mababababaw na paksang ito, at wala siyang ganang gawin ang gawain niya. Sa tuwing nakakakuha siya ng pagkakataon, tinatalakay niya ang mga damit, babae, lalaki, pag-ibig, at kung anong uri ng asawa ang pipiliin ng mga tao, pero kailanman ay hindi niya tinatalakay kung anong mga isyu ang umiiral sa paggampan sa mga tungkulin niya o kung paano lutasin ang mga iyon. Hindi ba’t may problema rito? Kaya pa ba niyang gumawa ng gawain? (Hindi, hindi na.) Nagbago na ang mentalidad niya, at wala na sa isipan niya ang mga usapin ng paggawa sa tungkulin. Sa halip, buong araw na abala ang isip niya sa mga kaisipan kung paano papasok sa mga romantikong relasyon, kung paano manamit, at kung paano makaakit ng ibang kasarian. May isang kataga sa mga walang pananampalataya: “nahuhulog sa pag-ibig.” Pag-ibig ba ito? Hindi, isa itong malalim na hukay! Sa sandaling pumasok ka, hindi ka na makakalabas pa. May ganito bang mga tao sa mga tauhang gumagawa ng mga tungkulin nila? (Oo.) Habang hindi nakikialam ang sambahayan ng Diyos sa mga tao na naghahanap ng mga romantikong kapareha, kung magugulo nila ang buhay-iglesia at maaapektuhan ang gawain ng iglesia sa paggawa niyon, kailangang maalis ang mga tao na iyon. Dapat ay umalis at makipagrelasyon ang mga magkasintahang iyon nang sila lang at hindi makaapekto sa ibang tao. Kung isa kang tao na naglaan na ng sarili mo sa pag-aalay ng buong buhay mo sa paggugol para sa Diyos, at napagpasyahan mo nang huwag pumasok sa mga romantikong relasyon, tumuon ka sa paggugol ng sarili mo para sa Diyos. Kung pumasok ka na sa isang

romantikong relasyon at wala ka nang ganang gawin ang gawain mo, hindi mo na dapat gampanan ang tungkulin ng isang superbisor, at pipili ang sambahayan ng Diyos ng ibang tao para sa posisyon. Hindi dapat maantala o maimpluwensiyahan ng romantikong relasyon mo ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Dapat magpatuloy ang gawain. Paano ito makapagpapatuloy? Sa pamamagitan ng pagpili ng isa pang superbisor na walang romantikong ugnayan, na may mahusay na mga propesyonal na kasanayan at kayang magpasan ng gawain, na pagpapasahan ng gawain mo. Sa ganitong paraan palaging gumagawa ang sambahayan ng Diyos, at nananatiling hindi nagbabago ang prinsipyong ito. Sinasabi ng ilang superbisor, “Hindi naaapektuhan ng romantikong relasyon ko ang gawain ko; hayaan mong ipagpatuloy ko ang pangangasiwa.” Mapapaniwalaan ba natin ang pahayag na ito? (Hindi, hindi natin ito mapapaniwalaan.) Bakit hindi natin ito mapapaniwalaan? Dahil nakikita ng lahat ang mga katunayan! Kapag nasa isang romantikong relasyon ang isang tao, ang iniisip lang niya ay ang romantikong kapareha niya, at abala ang puso niya sa mga bagay na ito, kung kaya’t madalas siyang inaantok sa mga pagtitipon at hindi niya nagagawa ang mga tungkulin niya. Samakatwid, angkop at naaayon sa mga prinsipyo ang paraan ng pagharap ng sambahayan ng Diyos sa ganoong mga tao. Hindi ka pinipigilan ng sambahayan ng Diyos na makipagrelasyon, ni inaalis sa iyo ang kalayaan mong makipagrelasyon. Puwede kang makipagrelasyon sa isang tao hanggang sa gusto mo: sariling desisyon mo iyon, basta’t hindi mo ito pagsisisihan, at hindi mo ito iiyakan kalaunan. May ilang superbisor nang natanggal dahil sa isang romantikong relasyon. Tinatanong ng ilang tao, “Hindi ba pinahihintulutang sumampalataya sa Diyos ang isang tao kapag nasa romantikong relasyon siya?” Kailanman ay hindi iyon sinabi ng sambahayan ng Diyos. Totoo bang tinatanggihan o pinatatalsik ng sambahayan ng Diyos ang lahat ng tao na nasa romantikong relasyon? (Hindi.) Kung nasa romantikong relasyon ka, hindi ka puwedeng maging isang superbisor o lider o manggagawa, at kung hindi ka dedikado sa paggawa ng mga tungkulin mo, dapat kang umalis sa iglesiang may tungkuling full-time. May nagsabi bang hindi ka na pahihintulutang sumampalataya sa Diyos, o na patatalsikin ka? May nagbigay na ba ng hatol na nagsasabing hindi ka maliligtas, o na masusumpa ka? (Wala.) Kailanman ay hindi sinabi ng sambahayan ng Diyos ang ganoong mga bagay. Hindi talaga nakikialam ang sambahayan ng Diyos sa mga personal mong desisyon at kalayaan; wala talaga itong anumang inaalis na kalayaan sa iyo—binibigyan ka nito ng kalayaan. Gayumpaman, pagdating sa ganitong uri ng superbisor, ang prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pagharap sa kanya ay ang tanggalin siya at maghanap ng angkop na tao na papalit sa puwesto niya. Kung angkop siyang magpatuloy na gumawa ng isang tungkulin, puwede siyang mapanatili. Kung hindi, papaalisin siya. Hindi magkakaroon ng anumang pananakit o berbal na pang-aabuso o pamamahiya. Hindi ito isang kahiya-hiyang bagay; napakanormal nito. Kaya kapag may ilang tao na natanggal sa mga posisyon nila o naipadala sa mga karaniwang iglesia dahil sa mga romantikong relasyon nila, nakakahiya ba ito? Ipinapahiwatig lang nito na wala silang katapatan sa paggawa ng

mga tungkulin nila, na hindi sila interesado sa katotohanan, at hindi talaga nagbubuhat ng pasanin para sa sarili nilang buhay pagpasok. Ang ganitong uri ng superbisor ay hindi nag-aasikaso ng gawain na marapat nilang gawin—tumutuon lang sila sa mga romantikong relasyon, na nakakaantala sa gawain ng iglesia, at nakakaapekto na sa pag-usad ng gawain ng iglesia—hindi ba't isa itong malubhang problema? (Oo.) Samakatwid, ang ganitong uri ng superbisor ay hindi angkop na mapanatili at dapat na matanggal sa posisyon nila. Sinasabi ng ilan, "Hindi ba't medyo sobrang padalos-dalos ang pagtanggal sa kanila?" Kung, sa umpisa pa lang ng romantikong relasyon nila hanggang sa panahon ng pagtanggal sa kanila, isa o dalawang araw pa lang ang nagdaan, puwede itong maituring na padalos-dalos. Pero kung tatlo hanggang limang buwan na ang lumipas, maitituring pa rin ba iyong padalos-dalos? (Hindi.) Mabagal namang ginawa ang aksiyon, masyado nang naantala ang gawain—paanong hindi ka nababalisa tungkol dito? Hindi ba't isa itong problema? (Oo, problema ito.)

Hindi kailanman nag-uusisa ang mga huwad na lider tungkol sa mga superbisor na hindi gumagawa ng aktuwal na gawain, o hindi nag-aasikaso ng gawain na marapat nilang gawin. Iniisip nila na kailangan lang nilang pumili ng isang superbisor at tapos na ang usapin, at na pagkatapos ay puwede nang asikasuhin ng superbisor ang lahat ng gawain nang siya lang. Kaya paminsan-minsan lang nagdaraos ng mga pagtitipon ang mga huwad na lider, at hindi nila pinangangasiwaan o kinukumusta ang gawain, at kumikilos sila na parang mga boss na hindi nakikialam. Kung may isang tao na nag-uulat ng problema sa isang superbisor, sasabihin ng isang huwad na lider, "Maliit na problema lang iyon, ayos lang. Kaya na ninyong asikasuhin iyan nang kayo lang. Huwag ninyo akong tanungin." Sasabihin ng taong nag-ulat ng isyu, "Tamad na matakaw ang superbisor na iyon. Nakatuon lang siya sa pagkain at paglilibang, at lubhang napakatamad niya. Ayaw niyang magtiis ng kahit kaunting hirap sa tungkulin niya, at palagi siyang mapanlinlang na nagpapabaya at gumagawa ng mga dahilan para makaiwas sa kanyang gawain at mga responsabilidad. Hindi siya angkop na maging isang superbisor." Sasagot ang huwad na lider, "Magaling siya noong pinili siyang maging superbisor. Hindi totoo ang sinasabi mo, o kahit pa totoo ito, pansamantalang pagpapamalas lang ito." Hindi susubukan ng huwad na lider na alamin pa ang tungkol sa sitwasyon ng superbisor, sa halip, huhusgahan at tutukuyin niya ang usapin batay sa kanyang mga nakaraang impresyon sa superbisor na iyon. Sino man ang nag-uulat ng mga problema tungkol sa superbisor, hindi siya papansinin ng huwad na lider. Hindi gumagawa ang superbisor ng aktuwal na gawain, at halos huminto na ang gawain ng iglesia, ngunit walang pakialam ang huwad na lider, para bang hindi man lang siya sangkot dito. Nakakasuklam na nga na nagbubulag-bulagan siya kapag may tao na nagsusumbong ng tungkol sa mga isyu ng superbisor. Ngunit ano ang pinakakasuklam-suklam sa lahat? Kapag nag-uulat sa kanya ang mga tao ng talagang mabibigat na isyu tungkol sa superbisor, hindi niya susubukang ayusin ang mga ito, at makakaisip pa nga siya ng lahat ng uri ng mga dahilan: "Kilala ko ang superbisor na ito, talagang

nananampalataya siya sa Diyos, hindi siya magkakaroon ng anumang problema kahit kailan. Kahit na mayroon nga siyang maliit na isyu, poprotektahan at didisiplinahin siya ng Diyos. Kung makagawa siya ng anumang mga pagkakamali, nasa kanila na ng Diyos iyon—hindi natin kailangang mag-alala tungkol dito." Gumagawa ang mga huwad na lider ayon sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon sa ganitong paraan. Nagkukunwari silang nauunawaan nila ang katotohanan at may pananalig sila, pero ginugulo lang nila ang gawain ng iglesia—puwede pa ngang matigil ang gawain ng iglesia at magkukunwari pa rin silang walang alam tungkol dito. Hindi ba't ang mga huwad na lider ay masyadong kumikilos na parang taga-proseso lang ng mga dokumento? Hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain nang sila mismo, at hindi rin sila metikuloso tungkol sa gawain ng mga lider ng pangkat at ng mga superbisor—hindi nila ito sinusubaybayan o inuusisa. Ang pananaw nila sa mga tao ay batay lang sa sarili nilang mga impresyon at imahinasyon. Kapag nakakita sila ng isang tao na gumagampan nang maayos sa loob ng isang panahon, iniisip nila na ang taong ito ay mananatiling mahusay magpakailanman, na hindi magbabago ang tao na ito; hindi sila naniniwala sa sinumang nagsasabi na may problema sa tao na ito, at binabalewala nila kapag may nagbabababala sa kanila tungkol sa tao na iyon. Sa tingin ba ninyo ay mangmang ang mga huwad na lider? Sila ay mangmang at hangal. Paano sila naging hangal? Basta-basta nilang pinagkakatiwalaan ang isang tao, naniniwala sila na noong mapili ang tao na ito, nanumpa ang tao na ito, at gumawa ng resolusyon, at nanalangin nang tumutulo ang mga luha sa kanyang mukha, kaya nangangahulugan iyon na maaasahan siya, at wala nang anumang magiging isyu sa pangangasiwa niya sa gawain. Walang pagkaunawa ang mga huwad na lider sa kalikasan ng mga tao; mangmang sila sa tunay na sitwasyon ng tiwaling sangkatauhan. Sinasabi nila, "Paanong mas sasama ang isang tao kung napili siya bilang isang superbisor? Paanong magagawa ng isang tao na mukhang napakaseryoso at maaasahan na pabayaan ang kanyang gawain? Hindi niya ito magagawa, hindi ba? Puno siya ng integridad." Dahil labis na nagtitiwala ang mga huwad na lider sa kanilang sariling mga imahinasyon at damdamin, sa huli ay nawawalan tuloy sila ng kakayahang lutasin sa tamang oras ang maraming problemang lumilitaw sa gawain ng iglesia, at napipigilan silang tanggalin kaagad ang sangkot na superbisor at iayos ang tungkulin nito. Tunay na mga huwad na lider sila. At ano nga ba ang isyu rito? May kinalaman ba sa pagiging pabasta-basta ang pamamaraan ng mga huwad na lider sa gawain nila? Sa isang banda, nakikita nila ang marahas na pang-aaresto ng malaking pulang dragon sa hinirang na mga tao ng Diyos, kaya para mapanatiling ligtas ang sarili nila, kung sino-sino na lang ang isinasaayos nilang mangasiwa sa gawain, sa paniniwalang malulutas nito ang problema, at na hindi na nila kailangan pang pag-ukulan ito ng pansin. Ano ang iniisip nila sa kanilang puso? "Napakamapanlaban ng kapaligirang ito, dapat muna akong magtago pansamantala." Ito ay pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman, hindi ba? Sa kabilang banda, may nakamamatay na kapintasan ang mga huwad na lider: Mabilis silang magtiwala sa mga

tao batay sa sarili nilang mga imahinasyon. At bunga ito ng hindi pagkaunawa sa katotohanan, hindi ba? Paano inilalantad ng salita ng Diyos ang diwa ng tiwaling sangkatauhan? Bakit dapat silang magtiwala sa mga tao kung ang Diyos nga ay hindi? Ang mga huwad na lider ay masyadong mayabang at nag-aakalang mas matuwid sa iba, hindi ba? Ang iniisip nila ay, “Hindi puwedeng nagkamali ako sa paghusga sa tao na ito, wala dapat na maging anumang problema sa taong ito na natukoy ko na angkop; siguradong hindi siya isang tao na nagpapakasasa sa pagkain, pag-inom, at paglilibang, o mahilig sa kaginhawahan at namumuhi sa mahirap na gawain. Siya ay lubos na maaasahan at mapagkakatiwalaan. Hindi siya magbabago; kung magbago man siya, mangangahulugan iyon na nagkamali ako tungkol sa kanya, hindi ba?” Anong uri ng lohika ito? Eksperto ka ba? May paningin ka bang gaya ng x-ray? Mayroon ka bang natatanging kasanayan na iyon? Maaaring makasama mo ang isang tao nang isa o dalawang taon, pero magagawa mo kayang makita kung sino talaga siya nang walang angkop na kapaligiran para lubos na mailantad ang kalikasang diwa niya? Kung hindi siya ibinunyag ng Diyos, maaaring kasa-kasama mo siya sa loob ng tatlo, o kahit limang taon pa nga, at mahihirapan ka pa ring makita kung ano talaga ang uri ng kalikasang diwa mayroon siya. At gaano pa kaya ito katotoo kung madalang mo siyang makita, kapag madalang mo siyang makasama? Basta-bastang nagtitiwala sa isang tao ang mga huwad na lider batay sa isang pansamantalang impresyon o sa positibong pagtingin ng isang tao sa kanya, at nangangahas silang ipagkatiwala ang gawain ng iglesia sa gayong tao. Sa bagay na ito, hindi ba’t lubha silang nagiging bulag? Hindi ba’t kumikilos sila nang walang ingat? At kapag ganito sila gumawa, hindi ba’t lubhang nagiging iresponsable ang mga huwad na lider? Tinatanong sila ng mga nakatataas na lider at manggagawa, “Nasuri mo na ba ang gawain ng superbisor na iyon? Kumusta ang karakter at kakayahan niya? Responsable ba siya sa gawain niya? Kaya ba niyang pasanin ang trabaho?” Tumutugon ang mga huwad na lider, “Talagang kaya niya! Noong napili siya, sumumpa at nagpasya siya. Nasa akin pa rin ang nakasulat na panunumpa niya. Dapat kaya niyang pasanin ang trabaho.” Ano ang palagay ninyo sa mga salita ng mga huwad na lider? Naniniwala silang dahil sumumpa ang tao na ito para ipahayag ang paninindigan nito, tiyak na kaya nitong tumupad doon. Totoo ba ang pahayag na ito? Gaano ba karaming tao sa ngayon ang talagang kayang tumupad sa mga isinumpa nila? Gaano ba karami ang matatapat na tao na nagsasakatuparan ng mga bagay-bagay ayon sa mga resolusyon nila? Dahil lang sumumpa ang isang tao ay hindi nangangahulugang talagang kaya niya itong tuparin. Ipagpalagay na tinanong mo sa kanila, “Matitiyak mo bang hindi magbabago ang superbisor? Matitiyak mo ba ang panghabambuhay na katapatan niya? Kapag gustong ibunyag ng Diyos ang mga tao, kailangan Niyang magsaayos ng iba’t ibang kapaligiran para subukin sila. Ano ang batayan mo sa pagsasabing maaasahan siya? Nasuri mo na ba siya?” Tumutugon ang mga huwad na lider, “Hindi na kailangan. Iniulat na ng lahat ng kapatid na maaasahan siya.” Hindi rin tama ang pahayag na ito. Talaga bang magaling ang isang tao dahil lang

iniulat ng mga kapatid na ganoon siya? Lahat ba ng kapatid ay taglay ang katotohanan? Nakikita ba nilang lahat ang totoo sa mga bagay-bagay? Pamilyar ba ang lahat ng kapatid sa tao na ito? Lalo pang kasuklam-suklam ang pahayag na ito! Sa katunayan, matagal nang nabunyag ang tao na iyon. Nawala na sa kanya ang gawain ng Banal na Espiritu, at ang mga salaulang katangian niya ng pagmamahal sa kaginhawahan at pagkamuhi sa mahirap na gawain, pagiging matakaw at tamad, at hindi pag-aasikaso sa gawaing marapat niyang gawin, ay nasiwalat na. Maliban sa mga huwad na lider, na wala pa ring kamalay-malay, matagal nang nakita ng lahat ang tunay na pagkatao niya—ang mga huwad na lider na lang ang nagtitiwala sa kanya nang ganito katindi. Ano ang silbi ng mga huwad na lider na ito? Hindi ba't mga walang kuwenta sila? May ilang kaso pa nga kung saan nalalaman ng ang Itaas ang iba't ibang pagpapamalas ng mga partikular na superbisor sa pamamagitan ng pagpunta sa lugar ng trabaho para magsiyasat at magtanong tungkol sa mga ito, pero wala pa ring kamalay-malay ang mga lider. Hindi ba't problema ito? Mga tunay na huwad na lider ang mga lider na ito. Hindi sila gumagawa ng tunay na gawain, mga taga-proseso lang sila ng mga dokumento, at tulad ng mga amo na hindi nakikialam, gumagawa sila ng kaunting gawain at pagkatapos ay sinasamantala iyon at iniisip na may karapatan na silang magpakasaya, hindi nag-aabalang tumulong kapag nagkakaroon ng mga problema. Ano ang karapatan mong magtamasa ng mga pakinabang ng katayuan? Talagang kawalan ito ng kahihiyan! Kapag gumagawa ang mga huwad na lider, kailanman ay hindi nila sinusuri ang anumang gawain, hindi nila tinatanong ang tungkol sa pag-usad ng gawain, at talagang hindi nila sinisiyasat ang mga sitwasyon ng iba't ibang superbisor ng pangkat. Nag-aatas lang sila ng gawain at nagsasaayos ng mga superbisor, at pagkatapos ay iniisip nilang tapos na sila, na talagang tapos na ang gawain nila, sa wakas. Naniniwala silang, "May nag-aasikaso sa gawaing ito, kaya labas na ako rito. Puwede na akong magpakasaya." Paggawa ba ito ng gawain? Walang dudang ang sinumang gumagawa nang ganito ay isang huwad na lider—isang huwad na lider na umaantala sa gawain ng iglesia at pumipinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos.

Ang mga huwad na lider ay hindi kailanman nagtatanong o sumusubaybay sa mga sitwasyon sa gawain ng iba't ibang superbisor ng pangkat. Hindi rin sila nagtatanong, sumusubaybay, o nakakaarok sa buhay pagpasok ng mga superbisor ng iba't ibang grupo at ng mga tauhang responsable sa iba't ibang mahalagang gawain, pati na rin sa mga saloobin ng mga ito sa gawain ng iglesia at sa mga tungkulin ng mga ito, at sa pananalig sa Diyos, sa katotohanan, at sa Diyos Mismo. Hindi nila alam kung ang mga indibidwal na ito ay sumailalim na sa anumang pagbabago o paglago, at hindi rin nila alam ang tungkol sa iba't ibang isyung puwedeng umiiral sa gawain nila; sa partikular, hindi nila alam ang epekto ng mga pagkakamali at paglihis na nagaganap sa iba't ibang yugto ng gawain sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, pati na rin kung ang mga pagkakamali at paglihis na ito ay naitama na. Ganap silang ignorante tungkol sa lahat ng bagay na ito. Kung wala silang nalalaman tungkol

sa mga detalyadong kondisyong ito, nagiging pasibo sila tuwing may lumilitaw na mga problema. Gayumpaman, hindi nag-aabala ang mga huwad na lider na harapin ang mga detalyadong isyung ito habang ginagawa ang gawain nila. Naniniwala sila na matapos maisaayos ang iba't ibang superbisor ng pangkat at maitalaga ang mga gawain, tapos na ang gawain nila—itinuturing na nagawa na nila nang maayos ang trabaho nila, at kung may iba pang problemang lilitaw, hindi na nila problema iyon. Dahil hindi napapangasiwaan, nagagabayan, at nasusubaybayan ng mga huwad na lider ang iba't ibang superbisor ng pangkat, at hindi nila natutupad ang mga responsabilidad nila sa mga aspektong ito, nagreresulta ito sa pagkakagulo-gulo sa gawain ng iglesia. Pagpapabaya ito ng mga lider at manggagawa sa mga responsabilidad nila. Kayang siyasatin ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng tao; isa itong abilidad na wala sa mga tao. Samakatwid, kapag gumagawa, kailangang maging mas masikap at maingat ang mga tao, regular na bumisita sa lugar ng gawain para subaybayan, pangasiwaan, at gabayan ang gawain para matiyak ang normal na pag-usad ng gawain ng iglesia. Malinaw na lubos na iresponsable ang mga huwad na lider sa gawain nila, at hindi nila kailanman pinapangasiwaan, sinusubaybayan, o pinapatnubayan ang iba't ibang gampanin. Bilang resulta, hindi alam ng ilang superbisor kung paano lutasin ang iba't ibang isyung lumilitaw sa gawain, at nananatili sila sa papel nila bilang mga superbisor kahit na kulang na kulang ang kakayahan nila para gawin ang gawain. Sa huli, paulit-ulit na naaantala ang gawain at lubos nila itong nagugulo. Ito ang kinahinatnan ng hindi pagtatanong, pangangasiwa, o pagsubaybay ng mga huwad na lider sa mga sitwasyon ng mga superbisor, isang kinalabasang ganap na dulot ng pagpapabaya ng mga huwad na lider sa responsabilidad nila. Dahil hindi nagsisiyasat, sumusubaybay, o nagtatanong ang mga huwad na lider tungkol sa gawain, at hindi nila agad na maarok ang sitwasyon, nananatili silang walang kamalay-malay tungkol sa mga bagay tulad ng kung gumagawa ba ng tunay na gawain ang mga superbisor, kung kumusta ang pag-usad ng gawain, at kung nagbunga ba ito ng tunay na resulta. Kapag tinatanong kung ano ang pinagkakaabalahan ng mga superbisor o kung anong mga partikular na gampanin ang pinapangasiwaan nila, sumasagot ang mga huwad na lider, "Hindi ko alam, pero dumadalo sila sa bawat pagtitipon, at sa tuwing nakikipag-usap ako sa kanila tungkol sa gawain, hindi sila nagbabanggit ng anumang isyu o suliranin." Naniniwala ang mga huwad na lider na hangga't hindi tinatalikuran ng mga superbisor ang gawain ng mga ito at palaging nariyan ang mga ito kapag hinahanap sila ng mga huwad na lider, walang anumang problema sa kanila. Ganito gumagawa ang mga huwad na lider. Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng "pagiging huwad"? Hindi ba't isa itong kabiguang matupad ang mga responsabilidad nila? Malubha itong pagpapabaya sa responsabilidad! Sa gawain nila, tumutuon lang ang mga huwad na lider sa pagraraos ng gawain, at hindi naghahanap ng mga aktuwal na resulta. Sa panlabas, madalas silang nagdaraos ng mga pagtitipon, lumilitaw na mas abala kaysa sa karaniwang tao. Gayumpaman, hindi pa rin alam kung anong mga problema ang talagang nalutas nila, kung anong mga

partikular na gampanin ang napangasiwaan nila nang maayos, at kung anong mga resulta ang nakamit nila. Walang sinumang makapagbigay ng malinaw na sagot tungkol sa mga bagay na ito, pati na ang mismong mga huwad na lider. Pero isang bagay ang matitiyak: Anuman ang mga problema ng mga tao sa lugar ng gawain, hindi matagpuan kahit saan ang mga huwad na lider na ito; walang sinumang nakakita sa kanila sa lugar ng gawain na lumulutas ng mga problema ng mga tao. Kung gayon, ano ang gawaing ginagawa ng mga huwad na lider buong araw? Anong mga problema ang nalulutas ng kanilang mga pagtitipon? Walang sinumang nakatitiyak, at sa huli ay natutuklasan na lang ang naipong patong-patong na hindi nalutas na mga isyu kapag ininspeksiyon ang gawain nila. Sa panlabas, para bang talagang abalang-abala ang mga huwad na lider—"humaharap sila sa sangkatutak na gawain." Gayumpaman, kapag sinuri ng isang tao ang mga resulta ng gawain nila, napakagulo nito; labo-labo ito, wala talagang anumang makabuluhan dito, at malinaw na hindi gumawa ng kahit katiting na tunay na gawain ang mga huwad na lider na ito. Sa kabila ng dami ng mga totoong problemang iniwan nilang hindi nalulutas, parang walang kamalayan sa konsensiya at hindi nakakaramdam ng pagsisisi ang mga huwad na lider. Higit pa rito, masyado silang kampante sa sarili at nag-iisip na medyo magaling sila; talagang wala silang katwiran. Ang ganitong mga tao ay hindi karapat-dapat na maging mga lider o manggagawa sa iglesia.

Ang uri ng superbisor na katatapos lang nating pagbahaginan ay maalam sa propesyon niya at nagtataglay ng kapabilidad sa gawain, pero hindi lang nagdadala ng pasanin, at nagpapakasasa sa pagkain, pag-inom, at paglilibang buong araw nang hindi nag-aasikaso ng gawain na marapat niyang gawin o gumagawa ng anumang tunay na gawain. Hindi kaya ng mga huwad na lider na agad na iayos ang tungkulin ng ganitong uri ng superbisor o tanggalin ito, at nakahahadlang at nakagugulo ito sa gawain, napipigilan itong umusad nang maayos. Hindi ba't dulot ito ng mga huwad na lider? Kahit na hindi direktang responsable rito ang mga huwad na lider, dahil sa pagpapabaya nila sa responsabilidad, sa pagkabigo nilang tuparin ang papel nila bilang mga tagapamahala, nagiging hindi direktang responsable sila sa mga kawalang idinulot sa gawain. Hindi tinutupad ng mga huwad na lider na ito ang tungkulin nila bilang mga tagapamahala, pabaya sila sa mga responsabilidad nila, sa huli ay nagdudulot ng mga kawalan sa gawain ng iglesia. May ilang gampanin pa ngang nahihinto at naiiwang magulo dahil sa kawalan ng angkop na superbisor na mamamahala, magsasakatuparan ng pagsisiyasat, at mangangasiwa at magtutulak na umusad ang gawain. Idinudulot ng hindi wastong paggamit ng mga tauhan ang ganitong mga uri ng kawalan sa gawain. Kahit na may kaunting kakayahan at medyo nauunawaan ng ganitong uri ng superbisor ang propesyon, hindi niya inaasikaso ang gawain na marapat niyang gawin, madalas niyang tinatahak ang sarili niyang landas, at hindi sinusunod ang tamang landas. Kahit na mabalitaan ng mga huwad na lider na may nag-ulat ng isang isyu sa ganitong uri ng superbisor, hindi nila ito agad na sinisiyasat o inaasikaso, at kalaunan ay napaparalisa nito ang gawain ng iglesia. Hindi ba't dulot ito ng pagiging iresponsable ng mga huwad

na lider? Sinusubukan pa nga nilang tumakas sa responsabilidad, sinasabing hindi nila nauunawaan ang sitwasyon ng superbisor, na hangal at ignorante sila, iniisip na kapag sinasabi ito ay matatapos na ang usapin, na hindi na nila kakailanganing umako ng responsabilidad. Sa gawain nila, palaging kumikilos ang mga huwad na lider nang pabasta-basta. Kahit kapag nag-uulat ang mga tao ng mga problema, hindi nila tinatanong ang tungkol dito o inaasikaso ang mga ito, at kapag nagkakaroon ng mga problema, sinusubukan nilang tumakas sa responsabilidad. Isa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider.

II. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na May Mahinang Kakayahan at Walang Kapabilidad sa Gawain

Kapag gumagawa ang mga huwad na lider, hindi lang limitado sa sitwasyong ito ang mga problemang kinahahaharap nila—may isa pa na kung saan ang mga superbisor ay may mahinang kakayahan at walang kapabilidad sa gawain at hindi kayang pasanin ang trabaho. Sa ganitong mga kaso, hindi rin agad naitatanong at naasikaso ng mga huwad na lider ang isyu. Bakit ganoon? Walang kapabilidad sa gawain ang mga huwad na lider, mahina ang kakayahan nila, at wala silang espirituwal na pang-unawa. Kailanman ay hindi sila nagmamalasakit o nagkukusang tanungin ang tungkol sa kakayahan ng mga superbisor ng iba't ibang pangkat, sa kapabilidad ng mga itong pasanin ang gawain, o sa mga sitwasyon ng gawain ng mga ito. Hindi nila kayang makilatis ang mga superbisor na mahina ang kakayahan at hindi kayang magpasan ng gawain ng mga ito, hindi rin nila alam ang tungkol sa mga bagay na ito. Sa isip nila, sa sandaling akuin ng sinumang tao ang papel ng superbisor, mananatili ang tao na iyon sa posisyon niya sa loob ng mahabang panahon, maliban kung gagawa siya ng sari-saring kasamaan, gagalitin ang lahat, at tatanggalin ng mga kapatid, o maliban kung may mag-uulat sa mga isyu niya sa ang Itaas at direktang tatanggalin ng ang Itaas ang tao na iyon. Kung hindi, kailanman ay hindi tatanggalin ng mga huwad na lider ang tao na iyon. Naniniwala silang dahil sinabi ng mga kapatid na magaling ang tao na iyon at hinalal ito, malamang na ang tao na iyon ang pinakamainam na piliin. Palaging umaasa ang mga huwad na lider sa mga imahinasyon at paghusga para matukoy kung kaya ng isang tao na gumawa ng gawain at kung angkop siyang tumayo bilang superbisor. Halimbawa, may isang superbisor ng isang pangkat ng mga mananayaw na hindi marunong sumayaw, at hindi niya nauunawaan ang mga prinsipyo sa pagpili ng mga sayaw. Habang bumubuo ng koreograpiya ng isang sayaw, hindi niya alam kung kontemporaryo o klasikal na estilo ang pipiliin. Sa tumpak na pananalita, wala siyang kaalaman sa sayaw. Gayumpaman, hindi ito makita ng huwad na lider. Pinili niya ang tao na iyon bilang superbisor dahil masigasig ito at handang maging sentro ng atensiyon, ipinagpapalagay na nauunawaan niya ang lahat at hinahayaan siyang gabayan ang mga kapatid. Kalaunan, hindi kinumusta, hindi inobserbahan ng huwad na lider ang gawain ng taong ito, o tiningnan kung gaano kaayos na ginagabayan ng superbisor ang mga kapatid, kung eksperto o

hindi propesyonal ang superbisor, kung angkop ang itinuturo nito, o kung naaayon ito sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Hindi niya masabi ang mga bagay na ito, at hindi siya pumunta at nagtanong tungkol sa mga iyon. Ang resulta, mahabang panahong gumawa ang lahat nang hindi nagkakaroon ng anumang resulta, at sa wakas ay natuklasang hindi talaga marunong sumayaw ang superbisor na pinili ng huwad na lider, pero nagkukunwari itong eksperto at nangangasiwa sa iba. Hindi ba't naantala nito ang gawain? Pero hindi matukoy ng huwad na lider ang problemang ito at naniniwala pa ring mahusay ang trabaho nito. Sa isip ng mga huwad na lider, kahit sino pa ang isang tao, basta't may tibay ng loob siya at naglalakas-loob siyang magsalita, kumilos, at umako ng gawain, pinatutunayan nitong may kakayahan siya at kaya niya itong pasanin, samantalang kung hindi siya naglalakas-loob na gawin ang mga bagay na iyon, patutunayan nitong kulang ang kakayahan niya para pasanin ang gawaing iyon. May ilang tao na hangal o padalos-dalos o mainitin ang ulo, na sapat na matapang para gawin ang anumang bagay. Hindi alam ng mga tao na ito kung taglay nila ang tamang kakayahan o kung kaya nilang pasanin ang gawain pero nangangahas pa rin silang maging mga superbisor. At iyon pala, pagkatapos nilang akuin ang papel, walang umuusad sa mga gawain, at anumang gawain ang ginagawa nila, wala silang malinaw na direksiyon, o mga hakbang, o mga tamang ideya. Puwedeng magsulong ng anumang opinyon ang sinuman at hindi nila malalaman kung tama o mali ito. Kung sasabihin ng isang tao na gawin ang mga bagay-bagay sa isang paraan, sasabihin nilang ayos lang iyon, habang kung sasabihin ng isang tao na gawin ang mga bagay-bagay sa iba pang paraan, sasabihin nilang ayos lang din iyon. At pagdating sa kung anong pamamaraan ang talagang gagamitin, hinahayaan nilang magkaroon ng opinyon ang lahat, at maipapatupad ang ideya ng sinumang pinakamalakas magsalita. Ang ganitong mga uri ng tao ay walang anumang kakayahan, hindi kayang makita ang totoo sa anumang bagay, at nakakagulo lang sa gawain nila, pero hindi pa rin nakikita ng mga huwad na lider ang tunay na pagkatao ng mga superbisor na ganito. Sinasabi ng ilang tao, "Napakahina ng kakayahan ng superbisor na iyon; kailangan niyang matanggal agad!" Pero tumutugon ang mga huwad na lider, "Nakausap ko na siya, at sinabi niyang handa siyang gawin ang bahagi niya. Bigyan natin siya ng isa pang pagkakataon." Ano ang palagay mo sa pahayag na ito? Hindi ba't salita iyan ng isang hangal? Ano ang mali sa pahayag na ito? (Hindi ito isang usapin kung handa siyang gawin ang bahagi niya o hindi; wala siyang kakayahan at hindi talaga niya kayang pasanin ang gawain.) Tama iyan, hindi ito isang isyu kung handa siyang gawin ito; tungkol ito sa pagkakaroon niya ng masyadong mahinang kakayahan at kawalan ng kaalaman kung paano ito gawin—ito ang pinakapunto ng problema. Iyon ang dahilan kung bakit kailangang magtaglay ng mga lider nila ng kaunting talino at magawang kumilatis ng mga tao, para makita kung taglay ng mga superbisor na ito ang kinakailangang kakayahan. Kailangang magsagawa ang mga lider na ito ng komprehensibong pagsusuri sa mga ito batay sa pananalita at pagbabahagi ng mga ito, sa pag-oobserba kung karaniwang kumikilos ang mga ito nang

may wastong balangkas at nang may maayos na mga paraan at hakbang, at sa komento ng mga kapatid. Kung masyadong mahina ang kakayahan ng mga ito at wala sila ng kinakailangang kapabilidad sa gawain, kung nagiging magulo ang lahat ng kanilang ginagawa, at kung sila ay walang kuwenta, kailangang agarang matanggal ang mga superbisor na ito.

May isang partikular na superbisor sa isang bukid na nakagulo sa gawaing pagsasaka. Hindi niya alam kung aling mga pananim ang dapat niyang itanim sa aling pitak ng lupa, o kung aling pitak ng lupa ang naaangkop sa pagpapatubo ng mga gulay, at hindi siya sumasangguni at nakikipagbahaginan kasama ng lahat—hindi niya alam kung paano makipagbahaginan tungkol sa mga bagay na ito, kaya hindi na lang niya ito ginagawa. Itinatanim niya ang mga pananim kung paanuman niya naisin, isinasantabi ang mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa likod ng isip niya. Ang resulta, isinakatuparan niya ang pagtatanim sa bawat bahagi ng bukirin sa isang magulong paraan, itinatanim nang maramihan ang mga pananim na dapat ay kaunti lang ang itanim, at kaunti ang itinatanim sa mga pananim na dapat itanim nang maramihan. Nang pungusan siya ng ang Itaas, mapanlaban pa rin siya, at pakiramdam niya ay walang mali sa pagtatanim niya sa mga pananim sa ganitong paraan. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba’t napakahirap pakitunguhan ng ganitong mga uri ng superbisor? Hindi niya alam kung paano pangasiwaan ang mga bagay batay sa mga prinsipyong itinaguyod ng sambahayan ng Diyos, o na dapat niyang tukuyin kung ilang pitak ng mga butil at ilang pitak ng mga gulay ang nararapat itanim batay sa bilang ng mga tao na gumagawa ng mga tungkulin nila sa iglesiang may tungkuling full-time. Sa halip, nagpasya siyang magtanim ng mas marami at mas kaunti ng mga partikular na pananim batay sa sarili niyang mga kagustuhan, at naniwala siyang ganap na angkop na gawin ito. Sa huli, itinanim niya ang mga pananim sa isang magulong paraan. Kalaunan, sumibol ang mga punla. Ang ilan sa mga iyon ay nanilaw at nangailangan ng pataba, pero hindi niya alam kung gaano karami ang ilalagay o kung kailan ito ilalagay. Ang ilan sa mga pananim ay pinamugaran ng mga peste, at hindi niya alam kung dapat niyang lagyan ang mga iyon ng pestisidyo o hindi. May ilang tao na nagtaguyod sa paggamit ng mga iyon, at may ilang nagtaguyod na huwag gumamit niyon, at nalito siya, at hindi na niya alam kung ano ang gagawin tungkol sa mga pestisidyo. Sa ganitong paraan, iniraos lang niya ang gawain hanggang sa dumating ang panahon ng anihan. Wala rin siyang ideya kung gaano katagal ang panahon ng pagtubo ng bawat pananim o kung kailan magiging magulang ang bawat pananim. Ang resulta, medyo berde pa ang mga butil na inani nang maaga, habang nahulog naman sa lupa ang mga inani nang huli. Sa huli, sa kabila ng lahat, naani ang mga pananim, naimbak na sa wakas ang mga butil, at halos tapos na ang mga aktibidad sa pagsasaka para sa taon. Kumusta ang paggawa ng superbisor ng bukid sa gawain niya? (Nagulo niya ito.) Bakit masyado itong nagulo? Hanapin ninyo ang pinakaugat ng isyung ito. (Masyadong mahina ang kakayahan niya.) Masyadong mahina ang kakayahan ng superbisor na ito! Kapag nahaharap sa mga bagay, hindi

tumpak ang mga naging pasya niya, hindi niya mahanap ang mga prinsipyo, at wala siyang paraan o diskarte sa pangangasiwa sa mga bagay-bagay. Humantong ito sa pangangasiwa niya sa isang simpleng gampaning gaya ng pagtatanim ng mga pananim sa isang masyadong magulong paraan, at nagdulot ng malaking gulo sa gawaing ito. Ano ang mga pangunahing pagpapamalas ng mahinang kakayahan? (Ang kawalan ng tumpak na paghusga at ang kawalan ng kakayahang hanapin ang mga prinsipyo.) Hindi ba't kritikal ang mga salitang ito? Matatandaan ba ninyo ang mga ito? Kapag nahaharap ang isang tao sa mga usapin, ang kawalan ng tumpak na paghusga at kawalan ng kakayahang hanapin ang mga prinsipyo ay nagpapahiwatig ng napakahinang kakayahan. Habang mas maraming ibinibigay na mungkahi at pahiwatig ang ibang tao, lalong nalilito ang superbisor na ito. Inakala niyang magiging mabuti kung isa lang ang mungkahi, pagkatapos ay puwede niya itong ituring na parang isang patakaran at sundin ito, na lubos na magpapasimple sa mga bagay-bagay, at mangangahulugang hindi na niya kakailanganing mag-isip o magpasya. Natatakot siyang magbigay ng mga mungkahi ang maraming tao dahil kapag narinig niya ang mga iyon, hindi niya alam kung paano haharapin ang mga iyon. Ang totoo, ang mga tao na may utak at mahusay na kakayahan ay hindi natatakot sa pagmumungkahi ng ibang tao. Iniisip nilang mas nagiging tumpak ang paghusga nila at mas lumiliit ang puwang ng pagkakamali kapag mas maraming tao ang nagmumungkahi. Ang mga tao na walang utak o kakayahan ay natatakot sa magkakaibang opinyon at mungkahi mula sa maraming tao; nalilito sila kapag nahaharap sa payo na maraming pinanggagalingan. Hindi ba't masyadong mahina ang kakayahan ng superbisor ng bukid na kababanggit Ko lang—hindi ba't hindi siya sapat na magaling para pasanin ang gawaing ito? (Oo.) Katwiran ng ilan, "Baka hindi pa siya nakakapagsaka dati. Ipinagpilitan Mong gumawa siya ng gawain sa bukid—hindi ba't parang pagpilit iyon sa isang isda na mamuhay sa lupa?" Ang hindi ba pagkakaroon ng dating karanasan sa pagsasaka ay nangangahulugang hindi kayang magsaka ng isang tao? Sino ba ang may likas na kakayahang magsaka? Puwede kayang ipinanganak ang mga magsasaka na taglay ang kakayahang ito? (Hindi.) Nagkaroon na ba ng magsasaka na, dahil walang karanasan at hindi marunong magsaka ay hindi nagkaroon ng ani at hindi nagkaroon ng anumang butil na kakainin noong unang beses niyang magtanim ng mga pananim, na humantong sa isang taon ng gutom? Nangyayari ba ang ganitong uri ng bagay? (Hindi.) Kung ganoon talaga iyon, magiging isang likas na sakuna ito, hindi ang resulta ng mga kilos ng tao. Bihirang-bihira ang ganoong mga sitwasyon! Pagsasaka ang ikinabubuhay ng mga magsasaka, at natututuhan ito kahit ng mga tao na isa o dalawang taon palang na nakapagsasaka. Ang mga tao na may mahusay na kakayahan ay kayang mag-ani ng medyo mas marami mula sa pagsasaka sa lupa, habang ang mga tao na mahina ang kakayahan ay puwedeng magkaroon ng mas kaunting ani. Higit pa rito, sa kasalukuyang pagsulong at kasaganaan ng impormasyon, kung may kakayahan ang isang tao, sapat na ang impormasyong ito para magsilbing sanggunian para tumpak na humusga at magpasya. Kapag mas malawak at

tumpak ang impormasyon, lalong nagiging tumpak ang mga paghusga at pagpapasya niya, at mas kaunti ang nagiging pagkakamali niya. Gayumpaman, kabaligtaran ang mga tao na mahina ang kakayahan; kapag mas maraming impormasyon, lalo silang nalilito. Sa huli, ang bawat hakbang ay nagiging mahirap at masyadong mabigat para sa kanila. Oras ang kalaban mo sa pagsasaka; hindi uubra kung masyado kang maaga o masyadong huli. Kung mahuhuli ka at hindi ka aabot sa tamang oras, maaapektuhan ang huling ani. Sa panahon ng pagsasakatuparan ng pagsasaka, nagugulumihanan ang superbisor na ito, minamadali ng paglipas ng oras, at napipilitan sa bawat hakbang. Kahit na nagawa pa rin niya ang bawat hakbang, napakahirap nito para sa kanya, at sa huli, nagresulta ito sa pagdudulot niya ng kaguluhan sa gawain. Masyadong mahina ang kakayahan ng ganoong mga tao!

Ang mga tao na masyadong mahina ang kakayahan ay ni hindi kayang gumawa ng kahit isang gampanin nang maayos; anumang gawain ang ginagawa nila, masyado nila itong nagugulo. Kung mahusay ang kakayahan ng mga lider ng mga superbisor na ito at natutupad nila ang mga responsabilidad nila, makikita nila ang mga bagay na ito. Dapat nilang tulungan nang may paggabay, pagsasapamantayan, at pagsusuri ang mga superbisor na mahina ang kakayahan. Gayumpaman, hindi ito nagagawa ng mga huwad na lider; hindi rin nila nagagawa ang mga bagay na hindi kayang gawin ng mga superbisor, at kapag nahihirapan ang mga superbisor sa gawain ng mga ito o hindi sigurado at nag-aalinlangan sa gawain ng mga ito, kasama ng mga itong nag-aalinlangan ang mga huwad na lider. Ni hindi nga nila alam kung paano ginagawa ng mga superbisor ang gawain ng mga ito, kung nasaan na ang mga ito rito, kung anong mga hamon ang lumitaw, o kung anong kalituhan ang nararanasan ng mga ito. Nang may magtanong sa lider na iyon tungkol sa pagsasaka, sinabi niya, “Isa akong lider, hindi ako ang nangangasiwa sa pagsasaka.” Sumagot ito, “Isa kang lider, kung ganoon ay anong masama sa pagtatanong sa iyo tungkol sa pagsasaka? Nasa saklaw ng mga responsabilidad mo ang gawaing ito.” Sinabi niya, “Itatanong ko ito para sa iyo.” Pagkatapos magtanong, sumagot siya, “Nagtatanim kami ngayon ng mga patatas.” Tinanong nito, “Ilang patatas ang itinatanim ninyo?” Sumagot siya, “Hindi ko naitanong iyon, hayaan mo’t aalamin ko para sa iyo.” Pagkatapos muling magtanong, sumagot siya, “Nagtanim kami ng dalawang akre.” Tinanong nito: “Anong uri ang itinanim ninyo? Angkop ba ang pitak ng lupang iyon para sa pagtatanim ng mga patatas? Naglagay ba kayo ng pataba noong itinanim ninyo ang mga iyon? Gaano kalalim itinanim ang mga binhi ng patatas?” Wala siyang alam tungkol dito. Hindi mo alam ang mga bagay na ito, pero hindi ka nagtatanong tungkol sa mga ito at naghahanap ng isang tao na mapagtatanungan tungkol sa mga ito—hindi ba’t naaantala nito ang mga bagay-bagay? Lider ka ba talaga? Anong gawain ang ginagawa mo bilang isang lider? Kung ni hindi mo kayang akayin ang mga tao na gawin ang kaunting panlabas na gawaing ito, ano ang silbi ng pagiging lider mo? Kahit na ganito kahina ang kakayahan ng superbisor, hindi ito natuklasan ng huwad na lider na ito, at nang tanungin siya kung kumusta ang

kakayahan ng superbisor, kung kumusta ang mga pananim, at kung matitiyak ang ani, naniwala siyang: “Hindi mo kinakailangang tanungin ang tungkol sa mga bagay na ito; napakasimpleng gampanin ng pagsasaka! Naitanim na namin ang mga pananim sa bukid, hindi ba? Paanong hindi magkakaroon ng ani?” Wala siyang anumang isinaalang-alang, hindi siya nagtanong tungkol sa anumang bagay, at wala talaga siyang utak. Anong uri ng lider ito? (Isang huwad na lider.) Sa tuwing nahaharap sa kahit na ano, natutuliro ang superbisor tulad ng isang manok na putol ang ulo. Hindi niya alam kung sino ang tatanungin, o kung paano maghahanap ng impormasyon, o kung aling panig ang pipiliin kapag maraming iba’t ibang ideya ang ibinibigay ng magkakaibang pinagmumulan. Hindi siniyasat ng lider na ito ang mga sitwasyong ito. Inisip niyang ibinigay na ang gawain sa tao na ito, kung kaya’t hindi na talaga niya ito inalala. Sa palagay ba ninyo ay magkakaroon ng epekto sa mga resulta ng gawain ang pagkakaroon ng ganoon kahinang kakayahan ng isang superbisor? (Oo.) Kung ganoon ay ano ang dapat sanang ginawa ng lider para lutasin ang problemang ito? Sa pamamagitan ng pagsisiyasat dito at hindi direktang pagtatanong, sa pamamagitan ng mga pangyayaring nagaganap sa paligid niya, at sa pamamagitan ng pagtatanim sa pananim ng panahong iyon, dapat ay natuklasan niyang masyadong mahina ang kakayahan ng superbisor, na hindi nito kayang gumawa ng kahit na ano. Hindi nito kayang ibuod ang anumang karanasan kahit pagkatapos ng mga taon ng pagsasaka—sa puntong iyon ay ni hindi ito sigurado kung paano magtanim ng mga pananim—dapat ay naging malinaw na sa kanya na mahina ang kakayahan nito at hindi nito kaya ang gampanin, at dapat sanang matanggal ang ganoong tao! Dapat ay nagtanong siya kung sino ang angkop na maging superbisor, kung sino ang kayang pumasan sa trabahong ito at gumawa rito nang maayos, sa gayon ay natitiyak na hindi napipinsala ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Ganito ba ang mentalidad ng huwad na lider? Nakikita ba niya ang mga isyung ito? (Hindi.) Bulag ang isip at mga mata niya; ganap na bulag siya. Isa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider. Pagdating sa mga tao na mahina ang kakayahan, hindi nila alam kung paano gagabayan ang mga ito sa gawain ng mga ito, hindi nila alam kung paano tutulungan ang mga ito sa pamamagitan ng pagsusuri o kung paano agad na lulutasin ang mga paghihirap ng mga ito, at talagang hindi nila alam na hindi kaya ng isang tao na may mahinang kakayahan na pasanin ang trabaho at na dapat itong mapalitan agad ng isang angkop na tao. Hindi isinasakatuparan ng mga huwad na lider ang alinman sa mga gampaning ito; hindi nila ito kaya, at hindi nila nakikita ang alinman dito. Hindi ba’t mga bulag na tao ang mga ito? Sinasabi ng ilang tao, “Siguro ay abala sila sa ibang gampanin. Bakit ba palagi Mong ipinaaasikaso sa kanila ang kung ano-anong hindi mahalagang gampaning ito?” Mga gampanin ito na dapat gawin ng mga lider, paano maituturing na kung ano-ano lang ang mga ito? Ang mga bagay na ito ay nasa saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider—ayos lang ba kung pababayaan nila ang mga ito? Kung pababayaan nila ito, magiging kapabayaan ito sa responsabilidad. Kada araw, nagkakaroon ng mga paghihirap at problema sa gawain nila sa harap mismo ng mga

lider, at araw-araw itong binabanggit ng mga tao. Gayumpaman, parehong bulag ang mga mata at isip ng mga huwad na lider. Hindi nila nakikita, nararamdaman, o napapansin na mga problema ang mga ito, kaya, siyempre, hindi nila kayang lutasin ang mga ito. Hindi natuklasan ng huwad na lider na masyadong mahina ang kakayahan ng superbisor. Hindi rin niya kayang tukuyin ang iba't ibang problemang lumitaw sa gawain nito. Hindi kayang pangasiwaan ng superbisor na ito ang mga isyu at nang may mangyari, kumilos ito sa magulong paraan na gaya ng mga langgam sa mainit na kawali, nang walang mga prinsipyo, at nakagugulo sa gawain, at hindi makita o matuklasan ng huwad na lider na iyon ang alinman dito. May isang prinsipyo kung paano ginagawa ng mga huwad na lider ang gawain nila: Basta't nakapagsaayos na sila ng isang tao na magiging responsable sa bawat gampanin, itinuturing nilang tapos na ito, at mahusay o mahina man ang kakayahan ng superbisor, kaya man nitong gawin nang maayos ang trabaho, o gaano man karami ang lumilitaw na problema sa gawain, pakiramdam nila ay wala itong kinalaman sa kanila. Kaya pa rin bang magawa ng ganitong lider ang gawain? Nauunawaan ba niya kung paano gumawa? (Hindi.) Kung hindi mo nauunawaan kung paano gumawa, bakit ka umaakto bilang isang lider? Kung magsisilbi ka bilang isang lider sa kabila nito, isa kang huwad na lider. Hindi nakikita o natutuklasan ng mga huwad na lider ang iba't ibang pagpapamalas ng mga tao na may mahinang kakayahan o ang iba't ibang nagiging problema habang ginagawa ng mga ito ang mga tungkulin ng mga ito. Masyadong manhid ang mga puso nila. Hindi ba't parehong bulag ang mga mata at isip nila? Puwedeng sabihin ng ilan, "Hindi sila bulag. Palagi Mo silang sinisiraan at hinahamak." Napakalubha ng mga problema sa superbisor ng pagsasaka na ito; kasama itong namumuhay ng huwad na lider na iyon araw-araw, at nakikita at naririnig niya ang lahat ng nangyayari. Kung ganoon ay paanong hindi niya natuklasan o napagtanto na isyu ang mga ito? Bakit hindi niya napangasiwaan o nalutas ang mga isyung ito? Hindi ba bulag ang mga mata at isip niya? Malubha ba ang problemang ito? (Oo, malubha.) Isa pa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider—ang pagiging bulag ng isip at mga mata.

Kapag nagtatalaga ka ng isang gampanin sa isang tao na may mahinang kakayahan, mahahalata mo sa karaniwang paraan ng pagsasalita niya, sa saloobin at mga pananaw niya kapag tinatalakay ang gawain, at sa paraan ng pangangasiwa niya sa mga gampanin, na masyadong mahina ang kakayahan niya, na magulo ang pag-iisip niya, at na hinaharap niya ang lahat ng bagay nang may kaunting pagiging bulag at kawalan ng ingat, at wala siyang anumang layon. Matutukoy mo na masyadong mahina ang kakayahan ng tao na ito sa pamamagitan lang ng pagtingin sa paraan ng paggawa niya sa mga bagay-bagay, kaya kailangan mo ba talaga siyang obserbahan nang ganoon katagal? Hindi, hindi na kailangan. Gayumpaman, may nakasasawing problema ang mga huwad na lider; iyon ay, naniniwala silang dahil patuloy na gumagawa ang isang tao sa buong panahong ito nang hindi humihinto, at wala silang naririnig na sinumang nagsusumbong dito dahil sa paggawa ng masamang bagay, o dahil sa pagdudulot ng pagkakagambala o pagkakagulo, o dahil sa pagiging negatibo o tamad,

nangangahulugan itong kaya pa ring gawin ng tao na ito ang gawain. Hindi nila alam kung paano husgahan ang kakayahan ng isang tao o ang abilidad nitong magtrabaho nang maayos batay sa pananalita nito, sa saloobin at pananaw nito sa mga bagay, o sa paraan ng paggawa nito sa mga bagay-bagay. Wala sila ng kamalayang ito; manhid sila at walang anumang pagkaunawa tungkol sa bagay na ito. May isa silang pananaw: Basta't hindi batugan ang isang tao, ayos lang ang lahat at puwedeng magpatuloy ang gawain. Sa palagay ba ninyo ay kayang magtrabaho nang maayos ng isang lider na may ganitong uri ng pananaw? Kaya ba niya ang gampanin? (Hindi.) Makakagulo sa gawain ang pagpapahintulot na maging lider ang ganoong tao, hindi ba? Kapag nagpapakasasa ang isang tao sa pagkain, pag-inom, at paglilibang, at pinababayaan ang mga tungkulin niya, hindi nag-aabala ang mga huwad na lider na siyasatin o pangasiwaan ito, at hindi nila nakikita kung mahusay o mahina ang kakayahan o karakter ng isang tao, kahit gaano katagal na silang nakikipag-ugnayan dito. Taglay ba ng mga lider na ito ang kapabilidad sa gawain ng isang lider? (Hindi.) Mga huwad na lider ang mga ito. Hindi kayang kilatisin ng mga huwad na lider kung mahusay ang kakayahan ng isang tao o hindi, at hindi nila kayang gawin ang mga partikular na gampaning ito. Iniisip nilang hindi ito bahagi ng trabaho nila. Hindi ba't pagpapabaya ito sa responsabilidad? Ano sa palagay ninyo, kaya bang pasanin ng isang tao na may mahinang kakayahan ang gawain, o ng isang tao na may ilang kakayahan? (Ng isang tao na may ilang kakayahan.) Samakatwid, ang pagsusuri sa kakayahan ng isang tao at sa kahusayan niya sa trabaho ay isang isyu na dapat alalahanin at maarok ng mga lider at manggagawa, at isa rin itong gampanin na dapat gampanan ng mga lider at manggagawa. Pero hindi nauunawaan ng mga huwad na lider na bahagi ito ng trabaho nila, wala sila ng kamalayang ito, at hindi nila kayang tuparin ang bahaging ito ng mga responsabilidad nila. Dito pabaya ang mga huwad na lider sa responsabilidad nila, at isa rin itong pagpapamalas na hindi kaya ng mga huwad na lider ang gampanin. Ito ang ikalawang uri ng sitwasyon: ang pagkakaroon ng mga superbisor ng mahinang kakayahan, kawalan ng kapabilidad sa gawain, at kawalan ng abilidad na pasanin ang gawain nila, na isang isyu tungkol sa kakayahan nila. Sa sitwasyong ito, sa parehong paraan ay nabibigo ang mga huwad na lider na gampanan ang papel ng isang lider at hindi nila agad na natatanggal ang mga superbisor na may mahinang kakayahan.

III. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na Nagpapahirap sa Iba at Nakakagulo sa Gawain ng Iglesia

Ang ikatlong uri ng sitwasyon ay may kinalaman sa mga superbisor na nagpapahirap at pumipigil sa iba, nakagugulo sa gawain ng iglesia. Ang unang sitwasyong pinag-usapan natin kanina ay kung saan may ilang superbisor, na sa kabila ng pagkakaroon ng medyo mahusay na kakayahan at abilidad na pasanin ang gawain ay hindi sineseryoso ang gawain, at umaasal lang sa isang pabasta-bastang paraan, habang ignorante rito ang mga huwad na lider at hindi sila agad na tinatanggal. Ang ikalawang

sitwasyon ay may kinalaman sa ilang superbisor na mahina ang kakayahan at hindi nakakapagpasan ng gawain, pero hindi ito napapansin ng mga huwad na lider o hindi sila agad na pinapalitan. Ang ikatlong sitwasyong ito ay tungkol sa mga superbisor na, mahusay man o mahina ang sarili nilang kakayahan ay hindi nag-aasikaso ng gawain na marapat nilang gawin, at nagpapahirap at pumipigil lang sa iba, nakagugulo sa gawain ng iglesia. Mula sa oras na piliin sila bilang mga superbisor, hindi nila sinusubukang matutuhan o pag-aralan ang larangan nila, ni hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, at talagang hindi nila ginagabayan ang iba na gawin nang maayos ang mga tungkulin ng mga ito. Sa halip, sa tuwing makakakuha sila ng pagkakataon, may pinag-iinitan sila, at may iba silang tinutuya at inaalipusta; basta't may pagkakataon sila, nagpapasikat sila, at anuman ang ginagawa nila, kailanman ay hindi sila praktikal. Isang araw ay sinasabi nila sa mga tao na gawin ang mga bagay-bagay sa isang paraan, at kinabukasan ay sinasabi nilang gawin ito sa ibang paraan; nakakaisip lang sila ng mga bagong panlilinlang, palaging nagnanais na mangibabaw. Dahil sa lahat ng ito, napupunta sa balisang kalagayan ang mga tao. Sa tuwing magsasalita sila, kumakabog ang dibdib ng ilang tao. Kapag nasupil na nila ang lahat, at naidulot na sa lahat na katakutan at sundin sila, natutuwa sila. Mga huwad na lider o anticristo man sila, at nasa kapangyarihan man sila o hindi, nasisira ng ganitong mga uri ng tao ang katahimikan ng iglesia. Bukod sa hindi na nila kayang gumawa ng tunay na gawain o gampanan nang normal ang tungkulin nila, naghahasik din sila ng hindi pagkakasundo at nagdudulot ng mga alitan sa pagitan ng mga tao, nakagugulo sa buhay ng iglesia. Bukod sa hindi na nila natutulungan ang iba na maunawaan ang katotohanan, madalas din silang nanghuhusga at nagkokondena ng mga tao, at pinasusunod ang mga tao sa kanila sa lahat ng bagay, pinipigilan ang mga ito hanggang sa puntong hindi na alam ng mga ito kung paano kumilos nang angkop. Lalo na pagdating sa paraan ng pamumuhay ng mga ito, hindi puwedeng matulog ang mga tao nang medyo mas maaga o mas huli. Anuman ang gawin ng mga ito ay kailangan ng mga ito na pagmasdan ang mga ekspresyon ng mukha ng mga tao na ito, kaya nagiging masyadong nakakapagod ang buhay. Kung magiging mga superbisor ang ganitong mga tao, mahihirapan ang lahat. Kung kakausapin mo sila nang matapat at ilalantad ang mga isyu nila, sasabihin nilang sadya mo silang pinupuntirya at inilalantad. Kung hindi mo sila kakausapin tungkol sa mga problema nila, sasabihin nilang minamaliit mo sila. Kung seryoso at responsable ka sa gawain at bibigyan mo sila ng kaunting payo, magiging mapanlaban sila, at sasabihin nilang inaatake mo sila at tatawagin ka nilang mapagmataas. Ano't ano man, anuman ang gawin mo, hindi nila ito ikatutuwa. Palagi nilang iniisip ang pagpapahirap sa mga tao, at pinipigilan nila ang mga tao para maigapos ang mga kamay at paa ng mga ito at maramdaman ng mga ito na walang nagagawang tama ang mga ito. Nagugulo ng ganoong mga superbisor ang gawain ng iglesia.

Magaling sa paimbabaw na gawain ang mga huwad na lider, ngunit hindi sila kailanman gumagawa ng tunay na gawain. Hindi nila iniinspeksiyon, pinapangasiwaan,

o pinapatnubayan ang iba't ibang propesyonal na gawain, o inaalam ang nangyayari sa iba't ibang pangkat sa tamang oras, hindi nila iniinspeksiyon kung kumusta ang pag-usad ng gawain, kung ano ang mga problema, kung mahuhusay ba ang mga superbisor ng pangkat sa kanilang trabaho, at kung paano inuulat o sinusuri ng mga kapatid ang mga superbisor. Hindi nila sinusuri kung mayroong sinuman na pinipigilan ng mga lider ng pangkat o superbisor, kung tinatanggap ba ang mga tamang mungkahi ng mga tao, kung sinusupil o ibinubukod ba ang sinumang may talento o naghahangad sa katotohanan, kung naaapi ba ang sinumang taong totoo, kung inaatake, pinaghihigantihan, pinapaalis, o pinapatalsik ba ang mga taong naglalantad at nag-uulat ng mga huwad na lider, kung masasamang tao ba ang mga lider ng pangkat o superbisor, at kung mayroon bang sinumang pinahihirapan. Kung hindi ginagawa ng mga huwad na lider ang alinman sa kongkretong gawaing ito, dapat silang tanggalin. Halimbawa, may nag-ulat sa isang huwad na lider na may isang superbisor na madalas pumipigil at sumusupil sa mga tao. May ginawang ilang maling bagay ang superbisor ngunit hindi niya hinahayaan ang mga kapatid na magbigay ng mga mungkahi, at naghahanap pa nga siya ng mga dahilan para ipawalang-sala at ipagtanggol ang kanyang sarili, hindi niya kailanman inaamin ang kanyang mga pagkakamali. Hindi ba't dapat na tanggalin kaagad ang gayong superbisor? Ito ay mga problema na dapat lutasin agad ng mga lider. Hindi pinapayagan ng ilang huwad na lider na malantad ang mga superbisor na itinalaga nila, anuman ang mga isyung lumitaw sa gawain ng mga ito, at tiyak na hindi nila pinapayagan na maulat ang mga ito sa mga nakatataas—sinasabihan pa nga nila ang mga tao na matutong magpasakop. Kung may maglalantad nga ng mga isyu tungkol sa isang superbisor, sinusubukan ng mga huwad na lider na ito na protektahan ang mga ito o itago ang mga katunayan, sinasabi nila, "Problema ito sa buhay pagpasok ng superbisor. Normal lang na magkaroon siya ng mayabang na disposisyon—mayabang ang lahat ng may kaunting kakayahan. Hindi ito malaking isyu, kailangan ko lang makipagbahaginan sa kanya nang kaunti." Sa pamamagitan ng pagbabahaginan, ipinapahayag ng superbisor ang kanyang paninindigan, sinasabi niya, "Inaamin kong mayabang ako. Inaamin kong may mga pagkakataon na iniisip ko ang sarili kong banidad, pagpapahalaga sa sarili, at katayuan, at hindi ko tinatanggap ang mga mungkahi ng ibang tao. Ngunit hindi mahusay ang ibang tao sa propesyong ito, madalas silang nagbibigay ng mga walang kuwentang mungkahi, kaya may dahilan kung bakit hindi ko sila pinakikinggan." Hindi sinusubukan ng mga huwad na lider na lubusang unawain ang sitwasyon, hindi nila tinitingnan ang mga resulta ng gawain ng superbisor, lalo na kung ano ang kanyang pagkatao, disposisyon, at hangarin. Ang ginagawa lang nila ay palabasing hindi seryoso ang mga bagay-bagay, sinasabi nila, "Iniulat ito sa akin kaya binabantayan kita. Binibigyan kita ng isa pang pagkakataon." Pagkatapos ng kanilang pag-uusap, sinasabi ng superbisor na handa siyang magsisi, ngunit sa usapin ng kung talagang magsisisi siya pagkatapos, o kung nagsisinungaling lang siya at nanlilinlang, hindi ito binibigyang-pansin ng mga huwad na lider. Kung may magtatanong tungkol sa bagay na ito, sasabihin ng mga

huwad na lider, “Nakausap ko na siya at nagbahagi pa nga ako ng maraming sipi ng mga salita ng Diyos sa kanya. Handa siyang magsisi, at nalutas na ang problema.” Kapag tinanong ng tao na iyon, “Kumusta ang pagkatao ng superbisor na iyon? Isa ba siyang tao na tumatanggap ng katotohanan? Binigyan mo siya ng pagkakataon, pero tunay ba siyang makapagsisisi at makapagbabago?” Dahil hindi nakikita ng mga huwad na lider ang totoo rito, sumasagot sila, “Inoobserbahan ko pa siya.” Sumasagot ang tao na iyon: “Gaano katagal mo na siyang inoobserbahan? Nagkaroon ka na ba ng anumang kongklusyon?” Sinasabi ng mga huwad na lider: “Mahigit anim na buwan na, at wala pa rin akong anumang kongklusyon.” Kung hindi sila nakakuha ng anumang resulta pagkalipas ng mahigit anim na buwan ng pag-oobserba, anong uri ng kahusayan sa gawain iyon? Naniniwala ang mga huwad na lider na epektibo ang isang beses ng pakikipag-usap sa superbisor at nalulutas nito ang isyu. Makatwiran ba ang ideyang ito? Iniisip nilang sa sandaling matapos silang makipag-usap sa isang tao, magagawa na ng taong iyon na magbago, at kung ipapahayag ng isang tao ang resolusyon nitong hindi na ito ulitin, ganap nila itong pinaniniwalaan nang hindi nagsasakatuparan ng anumang karagdagang pagtatanong o muling pagsisiyasat sa sitwasyon. Kung walang sinumang mag-uusisa tungkol sa bagay na iyon, baka ni hindi sila mag-abalang siyasatin o kumustahin ang gawain sa loob ng kalahating taon. Nananatiling walang malay ang mga huwad na lider kahit pa magulo ng superbisor na iyon ang gawain. Hindi nila kayang kilatisin kung paano sila nililinlang at pinaglalaruan ng superbisor. Ang mas nakakamuhi pa, kapag may nag-uulat sa mga isyu ng superbisor, binabalewala ito ng mga huwad na lider at hindi talaga sinisiyasat kung umiiral ang mga isyu o kung totoo ang mga isyung inulat nito. Hindi nila isinasaalang-alang ang mga isyung ito—talagang masyadong malaki ang pananalig nila sa sarili nila! Anumang mga sitwasyon ang lumitaw sa gawain ng iglesia, hindi nagmamadali ang mga huwad na lider na harapin ang mga iyon; iniisip nilang hindi naman nila problema iyon. Masyadong makupad ang pagtugon ng mga huwad na lider sa mga problemang ito, gumagawa sila ng mga hakbang at gumagalaw nang napakabagal, patuloy silang nagpapaligoy-ligoy, at patuloy nilang binibigyan ang mga tao ng isa pang pagkakataong magsisi, na para bang napakahalaga at napakaimportante ng mga pagkakataong ibinibigay nila sa mga tao, na para bang kaya nilang baguhin ang kapalaran ng mga ito. Hindi alam ng mga huwad na lider kung paano makita ang kalikasang diwa ng isang tao sa pamamagitan ng namamalas dito, o husgahan kung anong landas ang tinatahak ng isang tao batay sa kalikasang diwa nito, o tingnan kung angkop ang isang tao na maging isang superbisor o gumawa ng gawaing pamumuno batay sa landas na tinatahak nito. Hindi nila nakikita ang mga bagay-bagay sa ganoong paraan. Dalawang bagay lang ang kayang gawin ng mga huwad na lider sa gawain nila: una, ang tawagin ang mga tao para sa mga pakikipagkuwentuhan at pagraraos ng gawain; ikalawa, ang bigyan ang mga tao ng mga pagkakataon, palugurin ang iba, at hindi pasamain ang loob ng sinuman. Gumagawa ba sila ng aktuwal na gawain? Malinaw na hindi. Pero naniniwala ang mga huwad na lider na ang pagtawag

sa isang tao para makipagkuwentuhan ay aktuwal na gawain. Itinuturing nilang masyadong mahalaga at importante ang mga pag-uusap na ito, at masyadong makabuluhan ang tingin nila sa mga hungkag na salita at doktrinang binibigkas nila. Iniisip nilang nakalutas na sila ng malalaking problema sa pamamagitan ng mga pag-uusap na ito at nakagawa ng aktuwal na gawain. Hindi nila alam kung bakit hinahatulan at kinakastigo, pinupungusan, o sinusubok at pinipino ng Diyos ang mga tao. Hindi nila alam na tanging ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan ang makalulutas sa mga tiwaling disposisyon ng tao. Masyado nilang pinasisimple ang gawain ng Diyos at ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan! Naniniwala silang ang pagsasabi ng ilang salita at doktrina ay isang panghalili sa gawain ng Diyos, na kaya nitong lutasin ang problema ng katiwalian ng tao. Hindi ba't kahangalan at pagiging ignorante ito ng mga huwad na lider? Ang mga huwad na lider ay walang ni katiting na katotohanang realidad, kaya bakit napakalakas ng loob nila? Sa pagbigkas ba nila ng ilang doktrina ay makikilala ng mga tao ang sarili nila? Mabibigyang-daan ba nitong iwaksi ng mga tao ang mga tiwali nilang disposisyon? Paanong nagiging masyadong ignorante at walang muwang ang mga huwad na lider na ito? Ganoon ba talaga kasimple ang paglutas sa mga maling pagsasagawa at tiwaling pag-uugali ng isang tao? Napakadali bang lutasin ang isyu ng mga tiwaling disposisyon ng tao? Masyadong hangal at mababaw ang mga huwad na lider! Hindi lang isang pamamaraan ang ginagamit ng Diyos para lutasin ang isyu ng katiwalian ng tao. Gumagamit Siya ng maraming pamamaraan at naghahanda Siya ng iba't ibang kapaligiran para ibunyag, linisin, at gawing perpekto ang mga tao. Sa kabaligtaran, ginagampanan ng mga huwad na lider ang gawain sa isang nakababagot at paimbabaw na paraan: Kinakausap nila ang mga tao, pinapayuhan nila nang kaunti ang mga tao sa paraan ng pag-iisip ng mga ito, hinihikayat nila nang kaunti ang mga tao, at naniniwala sila na paggawa ito ng tunay na gawain. Paimbabaw ito, hindi ba? At anong isyu ang nakatago sa likod ng pagiging paimbabaw na ito? Hindi ba't kawalan ng muwang ito? Lubhang walang muwang ang mga huwad na lider, at tinitingnan din nila ang mga tao at mga bagay sa isang napakawalang muwang na paraan. Wala nang mas mahirap lutasin kaysa sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao—hindi mababago ng isang leopardo ang mga batik nito. Hindi talaga nakikilatis ng mga huwad na lider ang problemang ito. Samakatwid, pagdating sa mga uri ng superbisor sa iglesia na palaging nagdudulot ng kaguluhan, na palaging pumipigil at nagpapahirap sa mga tao, walang ginagawa ang mga huwad na lider kundi kausapin ang mga ito, at pungusan ang mga ito gamit ang ilang salita, at iyon na iyon. Hindi nila agad na inaayos ang tungkulin ng mga ito o tinatanggal ang mga ito. Nagdudulot ng matinding pinsala sa gawain ng iglesia ang pamamaraang ito ng mga huwad na lider, at madalas na humahantong sa pagkakabinbin, pagkaantala, at pagkasira sa gawain ng iglesia, at napipigilan ito na makapagpatuloy nang normal, maayos, at mahusay dahil sa mga panggugulo ng ilang masamang tao—na pawang isang malubhang kahihinatnan ng pagkilos ng mga huwad na lider batay sa kanilang mga damdamin, paglabag sa mga katotohanang prinsipyo, at

paggamit ng mga maling tao. Sa panlabas na anyo, ang mga huwad na lider ay hindi sadyang gumagawa ng napakaraming kasamaan, o gumagawa ng mga bagay-bagay ayon sa kanilang sariling paraan at nagtatatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian, tulad ng ginagawa ng mga anticristo. Ngunit hindi nagagawang agad na lutasin ng mga huwad na lider ang iba't ibang problema na lumilitaw sa gawain ng iglesia, at kapag nagkakaroon ng mga problema sa mga superbisor ng iba't ibang pangkat, at kapag hindi kayang pasanin ng mga superbisor na iyon ang kanilang gawain, hindi kaya ng mga huwad na lider na maagap na iayos ang mga tungkulin ng mga ito o tanggalin ang mga ito, na nagdudulot ng malubhang kawalan sa gawain ng iglesia. At ang lahat ng ito ay dulot ng pagpapabaya sa responsabilidad ng mga huwad na lider. Hindi ba't labis na kasuklam-suklam ang mga huwad na lider? (Oo.)

IV. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na Lumalabag sa mga Pagsasaayos ng Gawain at Gumagawa ng mga Bagay sa Sariling Paraan ng mga Ito

Hindi agad napapangasiwaan ng mga huwad na lider ang masasamang gawang nangyayari sa iglesia katulad ng mga superbisor na nagpapahirap sa iba, naghihigpit sa mga ito, at nanggugulo sa gawain ng iglesia. Sa parehong paraan, kapag may ilang superbisor na lumalabag sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos at gumagawa ng mga bagay sa sarili nilang paraan, hindi makaisip ang mga huwad na lider ng mga angkop na solusyon para agad na lutasin ang mga isyung ito. Nagreresulta ito sa mga kawalan sa gawain ng iglesia at sa materyales at pondo ng sambahayan ng Diyos. Ang mga huwad na lider ay walang muwang at mababaw, hindi nakakaunawa sa mga katotohanang prinsipyo, at lalong hindi nakakakilatis sa mga kalikasang diwa ng mga tao. Dahil dito, madalas nilang ginagawa ang gawain nila sa isang mababaw na paraan, gumagawa sila nang pabasta-basta, sumusunod sa mga patakaran, at bumibigkas ng mga islogan, pero hindi sila pumupunta sa lugar ng gawain para suriin ang gawain, para mag-obserba at magtanong tungkol sa bawat superbisor, o para magtanong nang nasa oras tungkol sa kung ano na ang nagawa ng mga superbisor na ito, kung ano ang paglalarawan ng mga prinsipyong gumagabay sa mga kilos ng mga ito, at kung ano ang mga nagiging epekto pagkatapos. Bilang resulta, ganap silang ignorante kung sino talaga ang mga tao na ginagamit nila at kung ano na ang nagawa ng mga ito. Samakatwid, kapag palihim na lumalabag ang mga superbisor na ito sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos at gumagawa ng mga bagay sa sariling paraan ng mga ito, bukod sa hindi alam ng mga huwad na lider ang tungkol dito, sinusubukan pa nilang ipagtanggol ang mga superbisor. Kahit na mabalitaan nila ang tungkol dito, hindi nila ito agad na sinisiyasat at pinangangasiwaan. Sa isang aspekto ay walang kakayahan ang mga huwad na lider sa gawain nila, at sa isa pang aspekto, pabaya sila sa mga tungkulin nila. Magbigay tayo ng halimbawa. Pinili ng isang partikular na lider ang isang tao na natiwalag sa isa pang pangkat para maging isang teknisyan

ng pagtatanim. Hindi niya sinuri kung may nauugnay na karanasan at kadalubhasaan ang tao na ito, kung kaya nitong gawin nang maayos ang trabaho, o kung seryoso at responsable ang saloobin nito, at pagkatapos niya itong ilagay sa posisyong iyon, iniwan niya itong ganap na hindi nasusuri, sinasabing, “Sige, simulan mo nang magtanim ng mga gulay. Puwede kang pumili ng mga buto, at aaprubahan ko ang anumang halagang magagastos mo. Basta gawin mo ang gawaing ito kung paano mo gusto!” Sinabi ito ng lider, kung kaya’t sinimulan ng superbisor na ito ang gawain kung paano niya gusto. Ang unang gampanin niya ay ang pumili ng mga buto. Nang magtingin siya online, natuklasan niya, “Masyado talagang maraming uri ng mga gulay—puno ng pambihirang bagay ang malawak na mundong ito! Medyo masayang mamili ng mga buto. Kailanman ay hindi ko pa nagagawa ang trabahong ito, at hindi ko alam na magiging masyado akong interesado rito. Dahil masyado akong interesado rito, lulubos-lubusin ko na!” Binuksan muna niya ang seksiyon tungkol sa mga buto ng kamatis, at talagang namangha siya. Maraming iba’t ibang uri at sari-saring klase ng laki, at pagdating sa kulay ay may mga pula, dilaw, at berde. Sari-sari pa nga ang kulay ng isang uri—ngayon lang siya nakakita ng ganito, at talagang napalawak nito ang kaalaman niya! Pero paano siya pipili ng tamang mga buto? Napagpasyahan niyang magtanim ng tig-iilan ng bawat uri, lalo na ang uring sari-sari ang kulay na talagang kakaiba ang itsura. Pumili ang superbisor ng mahigit 10 uri ng kamatis na may iba’t ibang laki, kulay, at hugis. Pagkatapos pumili ng mga buto ng kamatis, oras na para gawin ang parehong bagay para sa talong. Karaniwan, ang mga uri ng talong na kinakain ng mga tao ay mga mahaba at kulay lila na talong o puting talong, pero naisip niya, “Hindi dapat maging limitado ang mga talong sa dalawang uri lang na ito. May mga berde, may disenyo, mahaba, bilugan, at hugis-itlog. Pipili ako ng tig-kakaunti ng bawat uri, para mapalawak ang isip ng lahat at makakain sila ng lahat ng uri ng iba’t ibang talong. Bilang isang superbisor, tingnan ninyo kung gaano ako kabihasa at katapang sa pagpili ng mga buto, kung gaano ko isinasaalang-alang ang mga kapatid, tinutugunan ang mga panlasa ng lahat.” Pagkatapos, pumili siya ng mga buto ng sibuyas. May kabuuang 14 na uri ng sibuyas sa lugar na iyon, at pinili niya ang lahat ng iyon, at nang matapos siya, medyo nasiyahan siya. “Matapang” ba ang superbisor na ito? Sinong mangangahas na pumili ng napakaraming uri? Kalaunan, patuloy Kong hinimay ang usaping ito, at may nagsabi pa nga na, “Hindi lang 14 ang uri sa lugar na iyon; may ilan pa siyang hindi pinili!” Ang ibig sabihin nito ay hindi masyadong marami ang 14 na uri, at na may iba pang hindi pinili ang superbisor, kaya wala siyang anumang maling ginawa. Hindi ba’t mahinang umintindi ang tao na nagsabi nito? Mahinang pag-intindi ito, hindi pag-unawa sa wika ng tao, at pagiging ignorante kung bakit hinihimay Ko ang usaping ito. Pagkatapos pumili ng mga buto ng sibuyas, pumili rin ang superbisor ng hindi bababa sa walong uri ng patatas. Ano ang layunin niya sa pagpili ng napakaraming uri? Ang palawakin ang kaalaman ng lahat at hayaan silang makatikim ng iba’t ibang lasa. Naniwala ang superbisor na ang pagpili ng buto ay dapat na nakabatay sa prinsipyo ng pagbibigay ng

pakinabang sa mga kapatid. Ano ang palagay ninyo sa motibasyon niya? Ang prinsipyo bang hinihingi ng sambahayan ng Diyos ay pagkilos batay sa isang saloobin ng pag-iisip para sa lahat at pagseserbisyo sa lahat? (Hindi.) Kung ganoon, ano ang prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pagpili ng buto? Huwag magtanim ng kakaiba at bihirang uri na hindi natin karaniwang kinakain. Para naman sa mga uring karaniwang kinakain, kung hindi pa natin naitatanim ang mga iyon at hindi natin alam kung angkop ang mga iyon sa lupa at klima ng lugar, pumili ka ng isa o dalawang uri, pinakamarami na ang tatlo o apat. Una, dapat na angkop ang mga iyon sa lupa at klima ng lugar; ikalawa, dapat ay madaling patubuin ang mga iyon at hindi madaling kapitan ng mga sakit at peste; ikatlo, dapat ay magbigay ang mga iyon ng mga buto para sa susunod na taon; at panghuli, dapat ay magbunga ang mga iyon ng magandang ani. Kung masarap ang mga iyon pero kakaunti naman ang ibubungang ani, hindi angkop ang mga iyon. Batay sa paraan ng pagpili ng buto, kumilos ba ang superbisor na ito ayon sa mga prinsipyo? Naghanap ba siya? Nagpasakop ba siya? Nagpakita ba siya ng pagsasaalang-alang sa sambahayan ng Diyos? Kumilos ba siya nang may saloobing nararapat niyang taglayin sa paggampan sa isang tungkulin? (Hindi.) Malinaw na nagwawala siya sa paggawa ng masasamang bagay, lantarang lumalabag sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos at gumagawa ng mga bagay sa sarili niyang paraan! Nilustay niya ang mga handog sa Diyos sa ganitong paraan para tugunan ang personal niyang kuryosidad at kagustuhang mag-aliw, at tinrato niyang parang isang laro ang isang napakahalagang gampanin, pero hinayaan siya ng huwad na lider niya na gawin ang gusto niya nang hindi kumukuwestiyon o namamagitan. Nang tanungin ito, “Talaga bang gumawa ng anumang gawain ang superbisor na pinili mo? Ano ang mga resulta? Tinulungan mo ba siya sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri pagdating sa pagpili ng buto?” Hindi nito binigyang-pansin ang mga usaping ito, at sinabi lang, “Naitanim na ang mga buto; binisita namin ang lugar noong panahon ng pagtatanim.” Wala itong pakialam sa iba pang isyu. Paano ba natuklasan ang isyu ng superbisor na ito sa huli? Nagtanim siya ng ilang strawberry, at ayon sa mga nauugnay na teknikal na detalye, hindi dapat takpan o hayaang mamunga ang mga halaman ng strawberry sa unang taon, at dapat na tanggalin ang lahat ng bulaklak; kung hindi, hindi magkakaroon ng anumang bunga sa ikalawang taon, at kahit na magkaroon ng bunga sa unang taon, magiging napakaliliit nito. Kahit na sinabi ito ng mga eksperto sa superbisor, ayaw niyang makinig. Ang pangangatwiran niya ay batay sa impormasyon online na nagsasabing puwedeng takpan ng manipis na plastik ang mga halaman ng strawberry sa unang taon at hayaan ang mga ito na mamunga. Ang resulta nito ay nagbunga ang mga ito ng iba’t ibang depormadong maliliit na strawberry na puno ng buto—maasim ang ilan, matamis ang ilan, at walang lasa ang ilan—may iba’t ibang klase. Naging ganoon na kalubha ang problema, pero ganap itong binalewala ng mga huwad na lider doon. Bakit? Dahil naisip nilang hindi rin naman nila makakain ang mga strawberry na iyon, kaya pinili nilang balewalain ang isyu. Dahil ba hindi nila makakain ang isang bagay

ay nangangahulugang hindi na nila ito dapat alalahanin? Paano naman ang mga patatas at sibuyas na makakain nila—inalala ba nila ang mga iyon? Wala sa mga huwad na lider na ito ang may pakialam; nanonood lang sila habang ginagawa ng superbisor ang gusto nito. Isang araw, binisita Ko sila, at may nag-ulat na sobra na sa gulang ang letsugas, at kung hindi nila ito aanihin kaagad, walang makakakain nito at masasayang lang. Gayumpaman, ipinagpilitan ng superbisor na hayaan na lang ito, at sinabing kung aanihin nila ito ay kakailanganin nilang magtanim ng ibang gulay, na nakakayamot para sa kanya. Sa kabila ng kaalaman tungkol dito, walang ginawa ang mga huwad na lider. Kalaunan, kinailangan silang utusan ng ang Itaas na agad na anihin ang letsugas at pangasiwaan ang sitwasyon; kung hindi, masasakop ng letsugas ang lupa at hindi maitatanim ang mga gulay na pantag-init. Sa kabila ng ganoon kalaking problemang lumilitaw sa gawain, walang sinuman sa mga huwad na lider ang may ginawa tungkol dito, masyado silang natatakot na mapasama ang loob ng mga tao. Dahil isang huwad na lider ang nag-angat sa superbisor, at kailanman ay hindi sinuri ang gawain niya pagkatapos siya nitong iangat, hinayaan siyang kumilos nang malaya, at binigyan siya ng suporta at inalalayan siya, at hindi nangahas na mamagitan ang ibang lider, at nakipagtulungan sa kanila, napakaraming problemang lumitaw kalaunan. Ito ang gawaing ginawa ng mga lider. Matatawag pa rin ba silang mga lider? Sa kabila ng ganoon kalubhang isyung nangyayari sa mismong harapan nila, hindi nila ito natukoy bilang isang problema, lalong hindi ito nalutas. Hindi ba't mga huwad na lider ang mga ito? (Oo, ganoon nga.) Sa isang banda, mga mapagpalugod sila ng mga tao at takot silang mapasama ang loob ng iba. Sa kabilang banda, hindi nila alam kung gaano kalubha ang problema, wala silang tumpak na paghusga, at hindi nila alam na isyu ito, at hindi nila alam na nasa saklaw ng mga responsabilidad nila ang gawaing ito. Hindi ba't mga walang kwenta at bulagsak sila? Hindi ba't pagpapabaya ito sa responsabilidad? (Oo.) Ito ang ikaapat na sitwasyon: ang paglabag ng mga superbisor sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos at paggawa ng mga bagay sa sarili nilang paraan. Nakapagbigay na tayo ng isang halimbawa, na naglalantad sa pagpapamalas ng mga huwad na lider ng pagiging pabaya sa mga responsabilidad nila sa bagay na ito at naglalantad sa kalikasang diwa ng mga huwad na lider.

V. Kung Paano Tinatrato ng mga Huwad na Lider ang mga Superbisor na mga Anticristo at Nagtatatag ng mga Nagsasariling Kaharian

Ang isa pang sitwasyon ay kapag naghihimagsik ang mga superbisor laban sa mga nakatataas sa kanila at nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian—mga anticristo ang mga superbisor na ito. Hindi nagagampanan ng mga huwad na lider ang papel ng mga tagapamahala pagdating sa mga isyung tulad ng pagkakaroon ng mga superbisor ng mahinang kakayahan, pagtataglay ng masamang pagkatao, o pagwawala sa paggawa ng masasamang bagay. Hindi rin sila nakakapagsuri at nakakapagtanong agad tungkol sa gawaing ginagawa ng ganitong mga uri ng superbisor at sa mga problema ng mga

ito para matukoy ang pagiging angkop ng mga ito. Sa parehong paraan, lalo pang walang kakayahan ang mga huwad na lider na kilatisin ang kalikasang diwa ng mga anticristo, na masasama at malulupit na tao. Bukod sa wala na silang kakayahang kilatisin ito, kasabay nito ay medyo takot pa sila sa mga tao na ito, at medyo wala silang magawa at inutil, hanggang sa puntong, kadalasan, nakokontrol na sila ng mga anticristo. Gaano kalubha ang kalalabasan nito? Puwedeng bumuo ang mga anticristo ng mga grupo sa loob ng mga lugar ng gawain ng mga huwad na lider, nangangalap ng sarili nilang mga puwersa at nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian, at kalaunan, puwede nilang agawin ang kontrol, simulang magdesisyon, at gawing mga tau-tauhan ang mga huwad na lider. Sa kung anong paraan ay nananatiling walang kamalay-malay ang mga huwad na lider sa mga bagay na pinagpapasyahan at nalalaman ng mga anticristo, at wala silang alam tungkol sa mga iyon. Nalalaman lang nila ang mga bagay na ito kapag may nangyari at may nag-ulat nito sa kanila, pero sa oras na iyon, huli na ang lahat. Tinatanong pa nga ng mga huwad na lider ang mga anticristo kung bakit hindi sila sinabihan, at ang tugon ng mga ito, “Ano ang saysay ng pagsasabi sa iyo? Hindi ka makapagdesisyon sa kahit na ano, kaya hindi na ito kailangang talakayin sa iyo, kami na mismo ang nagdesisyon. Kahit pa ipaalam namin ito sa iyo, tiyak na sasang-ayon ka. Ano naman kaya ang maaaring naging opinyon mo?” Walang magawa ang mga huwad na lider sa ganoong mga bagay. Kung hindi mo kayang kilatisin, lutasin, o harapin ang mga anticristong ito, dapat mo silang iulat sa ang Itaas, pero ni hindi ka naglalakas-loob na gawin iyon—hindi ba’t wala kang kuwenta? (Oo.) Kapag nahaharap sa ganoong mga bagay, lumalapit lang sa Akin ang mga sobrang walang kuwentang ito para magsumbong habang umiiyak, nagmamaktol na, “Hindi ko kasalanan ito; hindi ako ang nagdesisyon niyon. Wala akong kinalaman kung tama man o mali ang desisyon niya, dahil hindi niya ipinaalam o sinabi sa akin ang tungkol dito nang gawin niya ito.” Ano ang ibig nilang sabihin dito? (Tumatakas sila sa responsabilidad.) Bilang isang lider, dapat mong malaman at maarok ang mga bagay na ito; kung hindi ipapaalam sa iyo ng mga anticristo ang mga bagay-bagay, bakit hindi ka mismo maagap na pumunta at magtanong? Bilang isang lider, dapat mong isaayos, pamunuan, at pagdesisyunan ang bawat usapin; kung wala silang anumang ipapaalam sa iyo at magdedesisyon sila sa sarili nila, pagkatapos ay padadalhan ka ng mga resibo para pirmahan, hindi ba’t inaagaw nila ang awtoridad mo? Sa sandaling makaharap ng mga huwad na lider ang mga anticristong nanggugulo sa gawain ng iglesia, natitigilan sila; wala silang magawa na para bang mga hangal na kaharap ang isang lobo, at nakatayo lang na walang magawa habang ginagawa silang mga tau-tauhan at inaagaw ang awtoridad nila. Wala silang kahit anong magawa tungkol dito—isang grupo sila ng mga walang silbing kasuklam-suklam na tao! Hindi nila kayang lutasin ang mga isyu, hindi nila kayang kilatisin o ilantad ang mga anticristo, at talagang hindi nila kayang pigilan ang mga ito sa paggawa ng anumang masamang gawa. Kasabay nito, hindi nila inuulat ang mga isyung ito sa ang Itaas. Hindi ba’t mga walang kuwenta sila? Ano ang silbi ng pagpili sa

iyo bilang isang lider? Nagwawala ang mga anticristo sa paggawa ng masasamang bagay, lantarang naglulustay ng mga handog, at bumubuo sila ng mga puwersang pinamumunuan nila at nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian sa loob ng iglesia; samantala, ganap kang nabibigong pangasiwaan, ilantad, pigilan, o harapin sila, pero lumalapit ka sa Akin para magreklamo. Anong klaseng lider ka? Talagang wala kang kuwenta! Anuman ang ginagawa nila, itong mga grupong pinamumunuan ng mga anticristo ay palihim na nagdaraos ng mga pag-uusap nang sila-sila lang at pagkatapos ay nagdedesisyon nang walang pahintulot. Ni hindi nila binibigyan ang mga lider ng karapatang malaman kung ano ang nangyayari, lalong hindi ng karapatang magdesisyon. Direkta nilang pinapawalang-saysay ang mga lider, hinahawakan ang lahat ng kapangyarihan at nagdedesisyon sa lahat ng bagay. Sa gitna ng lahat ng ito, ano naman ang ginagawa ng mga lider na may gampaning pamahalaan ang mga tao na ito? Lubos silang nabibigong magsuri, mangasiwa, mamahala, o magdesisyon tungkol sa gawaing ito. Sa huli, hinahayaan nila ang mga anticristo na agawin ang kontrol at pamahalaan sila mula sa itaas. Hindi ba't lumilitaw ang problemang ito mula sa gawain ng mga huwad na lider? Ano ang diwa ng problemang ito? Saan ito nagmumula? Nagmumula ito sa pagkakaroon ng mga huwad na lider ng mahinang kakayahan, sa kawalan ng kapabilidad sa gawain, at talagang kawalan ng paggalang sa kanila ng mga anticristo. Iniisip ng mga anticristo, "Ano ang kaya mong gawin bilang lider? Hindi pa rin ako makikinig sa iyo, at patuloy kitang aapakan para gumawa ng mga bagay-bagay. Kung iuulat mo ito sa ang Itaas, pahihirapan ka namin!" Hindi naglalakas-loob ang mga huwad na lider na iulat ang ganoong mga bagay. Bukod sa wala nang kapabilidad sa gawain ang mga huwad na lider, wala rin silang lakas ng loob na itaguyod ang mga prinsipyo, natatakot silang mapasama ang loob ng mga tao, at ganap na wala silang katapatan—hindi ba't isa itong malubhang problema? Kung talagang may kaunting kakayahan sila at nauunawaan nila ang katotohanan, kapag nakita nilang masama ang mga tao na ito, sasabihin nila, "Hindi ako maglalakas-loob na ilantad sila nang mag-isa, kaya makikipagbahaginan ako sa ilang kapatid na mas naghahangad at nakakaunawa sa katotohanan para lutasin ang mga isyung ito. Kung, pagkatapos makipagbahaginan sa kanila, hindi pa rin namin kayang harapin ang mga anticristo, iuulat ko ang problema sa ang Itaas at hahayaan silang lutasin ito. Wala akong ibang magagawa, pero dapat ko munang ingatan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos; talagang hindi dapat hayaang patuloy na umusad ang mga isyung nakilatis ko at ang mga problemang natuklasan ko." Hindi ba't isa itong paraan para tugunan ang problema? Hindi ba't maituturing din itong pagtupad sa responsabilidad ng isang tao? Kung kaya mo itong gawin, hindi sasabihin ng ang Itaas na mahina ang kakayahan mo at wala kang kapabilidad sa gawain. Gayumpaman, ni hindi mo kayang iulat ang mga problema sa ang Itaas, kaya nailalarawan ka bilang walang kuwenta at isang huwad na lider. Bukod sa mahina na ang kakayahan mo at wala kang kapabilidad sa gawain, ni wala ka pang pananalig at lakas ng loob na umasa sa Diyos para ilantad at labanan ang mga anticristo.

Hindi ba't wala kang kuwenta? Kaawa-awa ba ang mga tao na naagawan ng awtoridad ng mga anticristo? Siguro ay parang kaawa-awa sila; wala silang anumang masamang nagawa, at sa gawain nila ay maingat na maingat sila, takot na takot na magkamali, mapungusan, at mahamak ng mga kapatid. Pero sa huli, ganap silang naaagawan ng awtoridad ng mga anticristo nang harap-harapan, walang anumang nagiging epekto ang anumang sabihin nila, at hindi talaga mahalaga kung nandoon sila o wala. Siguro ay parang nakakaawa sila sa panlabas, pero sa totoo ay medyo kasuklam-suklam sila. Sabihin ninyo sa Akin, kaya bang lutasin ng sambahayan ng Diyos ang mga problemang hindi kaya ng mga tao? Dapat bang iulat ng mga tao ang mga problema sa ang Itaas? (Oo, dapat.) Sa sambahayan ng Diyos, walang problemang hindi kayang lutasin, at kayang lutasin ng mga salita ng Diyos ang anumang isyu. May tunay ka bang pananalig sa Diyos? Kung ni wala ka ng kaunting pananalig na ito, paano ka naging kalipikadong maging isang lider? Hindi ba't isa kang walang silbing kasuklam-suklam na tao? Hindi lang ito tungkol sa pagiging isang huwad na lider; wala ka kahit ng pinakasimpleng pananalig sa Diyos. Isa kang hindi mananampalataya at hindi ka karapat-dapat na maging isang lider!

Tungkol sa ikaapat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa, nakapaglista tayo ng limang sitwasyon para ilantad kung paano hinaharap ng mga huwad na lider ang iba't ibang aytem ng gawain at ang mga superbisor. Batay sa limang sitwasyong ito, hinimay natin ang iba't ibang pagpapamalas ng masyadong mahinang kakayahan, kawalan ng kahusayan, at kawalan ng kakayahang gumawa ng tunay na gawain ng mga huwad na lider. Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa ganitong paraan, medyo mas malinaw na ba sa inyo kung paano kilatisin ang mga huwad na lider? (Oo.) Sige, tapusin na natin dito ang pagbabahaginan natin sa araw na ito. Paalam!

Enero 23, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (4)

Ikalimang Aytem: Panatilihing Mayroong Napapanahong Pagka-arok at Pang-unawa Tungkol sa Estado at Pag-usad ng Bawat Aytem ng Gawain, at Magawang Agarang Lutasin ang mga Problema, Itama ang mga Paglihis, at Remedyuhan ang mga Kapintasan sa Gawain Nang sa Gayon ay Maayos Itong Makausad

Ang pagbabahaginan ngayon ay tungkol sa ikalimang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Panatilihing mayroong napapanahong pagka-arok at pang-unawa tungkol sa estado at pag-usad ng bawat aytem ng gawain, at magawang agarang lutasin ang mga problema, itama ang mga paglihis, at remedyuhan ang mga kapintasan sa gawain nang sa gayon ay maayos itong makausad.” Tututukan natin ang responsabilidad na ito para himayin ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider, para makita kung tinutupad ng mga huwad na lider ang mga responsabilidad nila sa gawaing ito, at kung mahigpit nilang pinanghahawakan ang mga tungkulin nila at isinasakatuparan nang maayos ang gawain.

Nagpapasasa sa Kaginhawahan at Hindi Nakikibahagi Nang Malalim ang mga Huwad na Lider sa mga Pinakamababang Antas Para Maunawaan ang Gawain

Unang binabanggit ng ikalimang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ang “panatilihing mayroong napapanahong pagka-arok at pang-unawa tungkol sa estado at pag-usad ng bawat aytem ng gawain.” Ano ang tinutukoy ng “estado ng bawat aytem ng gawain”? Tinutukoy nito kung paano ang kasalukuyang kalagayan ng isang partikular na aytem ng gawain. Ano ang dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa rito? Halimbawa: Anong mga partikular na gampanin ang ginagawa ng mga tauhan, anong mga aktibidad ang pinagkakaabalahan nila, kung kinakailangan ba ang mga aktibidad na ito, kung mga pangunahin at mahalagang gampanin ba ang mga ito, kung gaano kahusay ang mga tauhang ito, kung umuusad ba nang maayos ang gawain, kung tumutugma ba ang bilang ng tauhan sa dami ng gawain, kung nabigyan ba ng mga sapat na gampanin ang lahat, kung may anumang mga kaso ba ng pagkakaroon ng napakaraming tauhan sa isang partikular na gampanin—kung saan may napakaraming tauhan para sa napakakakaunting gawain, at walang ginagawa ang karamihan ng tao—o mga kaso kung saan masyadong maraming gawain pero masyadong kaunti ang tauhan, at nabibigo ang superbisor na epektibong magdirekta, na humahantong sa mababang kahusayan sa gawain at mabagal na pag-usad. Ang mga ito ang lahat ng sitwasyong dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa. Dagdag pa rito, habang isinasakatuparan ang bawat aytem ng gawain, kung nagdudulot ang sinuman ng mga

kaguluhan at sabotahe, kung may sinumang pumipigil sa pag-usad o palihim na nagpapahina, kung may nangyayaring anumang uri ng pakikialam o pagpapabasta-basta—ang mga ito ay mga bagay rin na dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa. Kaya paano sila magkakamit ng pagkaunawa sa mga isyung ito? Maaaring tumawag paminsan-minsan ang ilang lider para magtanong, “May pinagkakaabalahan ba kayo ngayon?” Kapag narinig ang kabilang partido na nagsasabing marami silang pinagkakaabalahan, maaari silang tumugon ng, “Mabuti, basta’t may pinagkakaabalahan kayo, magaan ang loob ko.” Ano ang palagay ninyo sa paraang ito ng paggawa? Ano ang tingin ninyo sa tanong na ito? Isa ba itong mahalaga, kinakailangang tanong na dapat itanong? Katangian ito ng gawain ng mga huwad na lider—iniraraos lang nila ang gawain. Nasisiyahan sila sa paggawa ng kaunting paimbabaw na gawain para pagaanin ang konsensiya nila nang kaunti pero hindi sila nakatuon sa paggawa ng tunay na gawain, lalong hindi sila pumupunta sa mga pinakamababang antas, sa bawat pangkat, para unawain ang kasalukuyang estado ng gawain. Halimbawa, kung angkop ba ang mga pagsasaayos ng tauhan, paano isinasagawa ang gawain, kung may lumitaw ba na anumang mga problema—ang mga tunay na isyu na ito ay hindi inuusisa ng mga huwad na lider, na sa halip ay naghahanap ng isang di-napapansing lugar para kumain, uminom, at magpakasaya nang hindi tinitiis ang kalupitan ng hangin o araw. Nagpapadala lang sila ng mga liham o may nag-uusisa para sa kanila paminsan-minsan, iniisip na maituturing na ito na paggawa ng trabaho nila. Higit pa rito, maaaring hindi sila makita ng mga kapatid sa loob ng sampung araw o kalahating buwan. Kapag tatanungin ang mga kapatid, “Ano ba ang pinagkakaabalahan ng lider ninyo? Gumagawa ba siya ng kongkretong gawain? Ginagabayan ba niya kayo at nilulutas ang mga problema?” tutugon sila, “Huwag mo nang itanong, isang buwan na naming hindi nakikita ang lider namin. Simula noong huling pagtitipon na idinaos niya para sa amin, hindi pa siya kailanman dumaan ulit, at ngayon ay marami kaming problema nang walang sinuman ang tumutulong sa aming lutasin ang mga ito. Walang ibang paraan; ang superbisor ng pangkat namin at ang mga kapatid ay kailangang magtipon-tipon para magdasal at maghanap ng mga prinsipyo, para mag-usap at magtulungan sa gawain. Hindi epektibo rito ang lider; wala na kaming lider ngayon.” Gaano kahusay ang lider na ito sa paggawa ng gawain niya? Tatanungin ng ang Itaas ang lider na ito, “Nang matapos ang huling pelikula, nakatanggap ka ba ng anumang bagong iskrip? Anong pelikula ang ginagawa mo ngayon? Kumusta ang pag-usad ng gawain?” Tutugon ang lider, “Hindi ko alam. Pagkatapos ng huling pelikula, nagdaos ako ng isang pagtitipon kasama sila, at pagkatapos niyon, silang lahat ay sumigla, hindi naging negatibo, at hindi nagkaroon ng anumang mga problema. Hindi pa kami nagkita simula noon. Kung gusto mong malaman ang kasalukuyan nilang sitwasyon, puwede akong tumawag at magtanong para sa iyo.” “Bakit hindi ka tumawag para unawain ang sitwasyon nang mas maaga?” “Kasi masyado akong maraming pinagkakaabalahan, dumadalo sa mga pagtitipon kung saan-saan. Hindi pa nila panahon. Mauunawaan ko lang ang sitwasyon kapag

nakipagtipon na ako sa susunod kasama sila.” Ito ang saloobin nila sa gawain ng iglesia. Sasabihin naman ng Itaas, “Hindi mo batid ang kasalukuyang sitwasyon o ang mga problemang umiiral sa gawain ng paggawa ng pelikula, kaya paano naman ang pag-usad ng gawain ng ebanghelyo? Aling bansa ang pinakamahusay na nagpalaganap ng gawain ng ebanghelyo, sa pinakaideyal? Aling bansa ang may mga tao na medyo mahusay ang kakayahan at mabilis umarok? Aling bansa ang may mas magandang buhay iglesia?” “Ah, nakatuon lang ako sa mga pagtitipon, nakalimutan kong magtanong tungkol sa mga bagay na ito.” “Kung gayon, sa pangkat ng mga taga-ebanghelyo, ilang tao ang kayang magpatotoo? Ilang tao ang nililinang para magpatotoo? Sino ang responsable at sumusubaybay sa gawain ng iglesia at buhay iglesia sa aling bansa? Sino ang nagdidilig at nagpapastol? Nagsimula na bang mamuhay ng buhay iglesia ang mga bagong miyembro ng iglesia mula sa iba’t ibang bansa? Ganap na bang nalutas ang mga kuru-kuro at imahinasyon nila? Ilang tao na ba ang nag-ugat ng sarili nila sa tunay na daan, hindi na mailililihis ng mga relihiyosong tao? Pagkatapos manampalataya sa Diyos nang isa o dalawang taon, ilan ang kaya nang gumampan sa mga tungkulin nila? Nauunawaan at naaarok mo ba ang mga usaping ito? Kapag lumilitaw ang mga problema sa gawain, sino ang makakalutas sa mga ito? Sa pangkat ng mga taga-ebanghelyo, aling grupo o mga indibidwal ang responsable sa gawain nila at may mga aktuwal na resulta, alam mo ba?” “Hindi ko alam. Kung gusto mong malaman, puwede akong magtanong para sa iyo. Kung hindi ka naman nagmamadali, magtatanong ako kapag may oras ako; may pinagkakaabalahan pa ako!” Gumawa ba ang lider na ito ng anumang kongkretong gawain? (Hindi.) “Hindi ko alam” ang sinasabi niya sa lahat ng bagay; nagtatanong lang siya tungkol sa mga bagay-bagay sa sandaling tinatanong siya, kung gayon, ano ang pinagkakaabalahan niya? Kahit aling pangkat ang puntahan niya para sa mga pagtitipon o para suriin ang gawain, nabibigo siyang tukuyin ang mga problema sa gawain at hindi niya alam kung paano lutasin ang mga ito. Kung hindi mo agarang nakikilatis ang mga kalagayan at karakter ng iba’t ibang tao, hindi ba’t kahit papaano ay dapat mong subaybayan, unawain, at arukin ang mga isyung umiiral sa gawain, kung anong gawain ang kasalukuyang ginagawa, at kung hanggang sa anong yugto ito umusad? Gayumpaman, hindi kayang gawin ng mga huwad na lider maging ang ganito man lang karami; hindi ba sila bulag? Kahit na pumunta sila sa iba’t ibang pangkat sa loob ng iglesia para subaybayan at suriin ang gawain, hindi talaga nila nauunawaan ang totoong sitwasyon, hindi nila kayang tukuyin ang mga pangunahing problema, at kahit na makahanap sila ng ilang problema, hindi nila kayang lutasin ang mga ito.

May isang pangkat ng mga gumagawa ng pelikula na naghahandang kunan ang isang uri ng napakamapanghamong pelikula na hindi nila kailanman sinubukan noon. Kung angkop ba silang simulan ang iskrip ng pelikulang ito, kung may kapabilidad ba ang direktor at ang buong tauhan na tapusin ang gawaing ito—hindi batid ng lider nila ang mga sitwasyong ito. Sinabi lang niya, “Sinimulan niyo ang isang bagong iskrip. Kung

gayon, sige at kunan ninyo ito. Susuportahan at susubaybayan ko kayo. Gawin ninyo ang lahat ng makakaya ninyo, at kapag may umusbong na mga problema, magdasal kayo sa Diyos at lutasin ninyo ang mga iyon ayon sa mga salita ng Diyos." At saka siya umalis. Hindi makita o matukoy ng lider na ito ang anuman sa umiiral na mga problema; magagawa ba nang maayos ang gawain nang ganito? Pagkatapos tanggapin ng pangkat ng mga gumagawa ng pelikula ang iskrip na ito, madalas na sinusuri ng direktor at ng mga miyembro ng pangkat ang banghay at pinag-uusapan ang mga kasuotan at pagbabalangkas, pero wala silang ideya kung paano kukunan ang pelikula; hindi sila opisyal na makapagsimula sa paggawa. Hindi ba't ito ang kasalukuyang kalagayan? Hindi ba't ang mga ito ang umiiral na mga problema? Hindi ba't ang mga isyung ito ang dapat lutasin ng lider? Ginugol ng lider ang bawat araw sa mga pagtitipon, walang mga tunay na problema ang nalutas pagkatapos ng maraming araw ng mga pagtitipon, at hindi pa rin makausad nang normal ang paggawa ng pelikula. Nagkaroon ba ng anumang epekto ang lider? (Wala.) Sumigaw lang siya ng mga islogan para magpalakas ng loob: "Hindi tayo puwedeng umupo nang walang ginagawa, hindi tayo puwedeng nakaasa sa sambahayan ng Diyos!" Pinangaralan pa nga niya ang mga tao: "Wala kayong konsensiya, umaasa sa sambahayan ng Diyos nang walang anumang pakiramdam—wala ba kayong kahihiyan?" Pagkatapos niyang sabihin ito, nakaramdam ng kaunting pagkapahiya ang konsensiya ng lahat: "Oo, umuusad nang napakabagal ang gawain, at kumakain pa rin kami nang tatlong beses sa isang araw nang ganito—hindi ba't pagiging pala-asa sa iba ito? Wala pa talaga kaming nagagawang anumang gawain. Kung gayon, sino ang lulutas sa mga problemang ito na lumilitaw sa gawain? Hindi namin kayang lutasin ang mga ito kaya nagtatanong kami sa lider, pero sinasabi lang sa amin ng lider na magdasal nang masigasig, magbasa ng mga salita ng Diyos, at magtulungan nang nagkakaisa, nang hindi nakikipagbahaginan kung paano dapat lutasin ang mga problemang ito." Araw-araw na nagdaraos ng mga pagtitipon ang lider sa lugar ng gawain, pero hindi talaga nalulutas ang mga problemang ito. Kalaunan, nanlamig ang pananalig ng ilang tao, at nasiraan sila ng loob dahil hindi nila nakita ang isang daan pasulong at hindi nila alam kung paano umusad sa paggawa ng pelikula. Inilagay nila ang huling pag-asa nila sa lider, umaasang kaya niyang lutasin ang ilang aktuwal na problema, pero aba, talagang bulag ang lider na ito, hindi inaaral ang propesyon ni hindi nakikipagbahaginan, nagtatalakay, o naghahanap sa mga nakakaunawa rito. Madalas siyang humahawak ng isang aklat ng mga salita ng Diyos at sinasabi, "Nagbabasa ako ng mga salita ng Diyos para sa espirituwal na debosyon. Sinasangkapan ko ang sarili ko ng katotohanan. Walang manggugulo sa akin, abala ako!" Kalaunan, parami nang parami ang mga problemang naipon, humahantong sa isang bahagyang pagka-paralisado ng kalagayan ng gawain, pero iniisip pa rin ng huwad na lider na mahusay niyang ginagawa ang gawain. Bakit ganoon? Naniniwala siyang dahil nagdaos siya ng mga pagtitipon, nag-uusisa siya tungkol sa sitwasyon ng gawain, nagtukoy siya ng mga problema, nagbahagi siya ng mga salita ng Diyos, nagbanggit ng mga kalagayan ng

mga tao, at ikinumpara ng lahat ang mga sarili nila sa mga kalagayang ito at nagpasya silang gampanan nang mahusay ang tungkulin nila, kung gayon ay naisakatuparan na ang responsabilidad niya bilang isang lider, at ginawa na niya ang lahat ng maaaring asahan mula sa kanya—kung hindi mapamahalaan nang maayos ang mga partikular na gampaning may kaugnayan sa mga propesyonal na aspekto, hindi iyon pananagutan ng lider. Anong uri ng lider ito? Bumagsak sa isang bahagyang pagka-paralisadong kalagayan ang gawain ng iglesia, pero hindi man lang siya nabalisa o nabagabag. Kung hindi nag-usisa o naghikayat ang ang Itaas, magpapatuloy lang siya sa pagpapatumpik-tumpik, hindi kailanman babanggitin kung ano ang nangyayari sa ilalim niya, walang nilulutas na mga problema. Naisakatuparan ba ng gayong lider ang mga responsabilidad niya sa pamumuno? (Hindi.) Kaya, ano ang pinagsasabi niya buong araw sa mga pagtitipon? Dumadaldal siya nang walang ginagawa, nangangaral lang ng mga doktrina at sumisigaw ng mga islogan. Walang nilutas ang lider na mga tunay na problema sa gawain, hindi niya nilutas ang mga pabasta-basta at negatibong kalagayan ng mga tao, at hindi niya alam kung paano lutasin ang mga isyu sa gawain ng mga tao ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Dahil dito, huminto ang buong proyekto at walang nakikitang pag-usad sa loob ng mahabang panahon. Pero hindi man lang nabalisa ang lider. Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain? Ano ang diwa ng pagpapamalas na ito ng mga huwad na lider? Hindi ba't isa itong malubhang pagpapabaya sa responsabilidad? Ang pagiging labis na pabaya sa gawain ng isang tao, nabibigong isakatuparan ang mga responsabilidad niya—ito mismo ang ginagawa ng mga huwad na lider. Nananatili ka sa opisina para lang iraos ang gawain, hindi naglulutas ng mga tunay na problema. Nananatili ka sa opisina para lang dayain ang mga tao; nang hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain, kahit na nananatili ka pa roon sa lahat ng oras, walang anumang matatapos. Iba't ibang problema ang lumilitaw sa gawain at kasama ang mga propesyonal na aspekto, ilan sa mga ito ay kaya mong lutasin pero hindi mo ginagawa—isa na itong malubhang pagpapabaya sa responsabilidad. Dagdag pa rito, bulag ka kapwa sa iyong mga mata at sa iyong isipan: Minsan kapag nakakatuklas ka ng mga problema, hindi mo makilatis ang diwa ng mga ito. Hindi mo malutas ang mga ito, pero nagkukunwari kang kaya mong pangasiwaan ang mga ito, pilit na nakakapit habang tahasang tumatanggi na makipagbahaginan o magkonsulta sa mga nakakaunawa sa katotohanan, at hindi rin nag-uulat o naghahanap mula sa ang Itaas. Bakit ganito? Takot ka bang mapungusan? Takot na malaman ng ang Itaas ang katotohanan tungkol sa iyo at tanggalin ka? Hindi ba't pagtutuon ito sa katayuan nang hindi itinataguyod ang gawain ng sambahayan ng Diyos sa kaliit-liitan? Sa ganitong uri ng mentalidad, paano mo magagawa ang tungkulin mo nang maayos?

Kahit ano pang mahalagang gawain ang ginagawa ng isang lider o manggagawa, at kahit ano pa ang kalikasan ng gawaing ito, ang numero uno niyang prayoridad ay unawain at arukin kung kumusta na ang gawain. Dapat naroroon mismo siya upang magsubaybay sa mga bagay-bagay at magtanong, upang siya mismo ang makakuha

ng impormasyon. Hindi siya dapat umasa lang sa mga usap-usapan o makinig lang sa mga ulat ng ibang tao. Sa halip, dapat maobserbahan mismo ng kanyang mga mata ang sitwasyon ng mga tauhan, at kung kumusta ang pag-usad ng gawain, at unawain kung anong mga problema ang mayroon, kung may anumang aspekto ba ng gawain ang hindi ayon sa mga hinihingi ng ang Itaas, kung may mga paglabag ba sa mga prinsipyo, kung mayroon bang anumang kaguluhan o pagkagambala, kung kulang ba ang mga kailangang kagamitan o mga nauugnay na materyales sa pagtuturo tungkol sa propesyonal na gawain—dapat alam niya ang lahat ng ito. Kahit gaano pa karaming ulat ang pakinggan niya, o kahit gaano pa karami ang mahinuha niya mula sa mga sabi-sabi, wala sa mga ito ang makakatalo sa personal na pagbisita; mas tumpak at maaasahan kung makikita niya ang mga bagay-bagay sa sarili niyang mga mata. Sa sandaling pamilyar na siya sa lahat ng aspekto ng sitwasyon, magkakaroon siya ng malinaw na ideya sa kung ano ang nangyayari. Lalo nang dapat ay mayroon siya ng isang malinaw at tumpak na pagkaarok sa kung sino ang may mahusay na kakayahan at karapat-dapat na linangin, dahil ito lang ang magpapahintulot sa kanya na tumpak na linangin at gamitin ang mga tao, na siyang napakahalaga para magawa ng mga lider at manggagawa ang gawain nila nang mahusay. Ang mga lider at manggagawa ay dapat may landas at mga prinsipyo sa kung paano maglilinang at magsasanay ng mga taong may mahusay na kakayahan. Dagdag pa rito, dapat may pagkaarok at pagkaunawa sila sa iba’t ibang uri ng problema at paghihirap na umiiral sa gawain ng iglesia, at alam nila kung paano lutasin ang mga ito, at dapat may sarili rin silang mga ideya at mungkahi kung paano mapapausad ang gawain, o ang mga plano para sa pag-usad nito sa hinaharap. Kung malinaw silang nakapagsasalita tungkol sa gayong mga bagay nang walang kahirap-hirap, nang walang anumang pagdududa o agam-agam, lalong magiging mas madaling isagawa ang gawain. At sa paggawa sa ganitong paraan, maisasakatuparan ng isang lider ang mga responsabilidad niya, hindi ba? Dapat batid nilang mabuti kung paano lutasin ang mga isyu sa gawaing nabanggit sa itaas, at dapat nilang pagnilayan nang madalas ang mga bagay na ito. Kapag nakakatagpo sila ng mga problema, kailangan nilang makipagbahaginan at makipagtalakayan tungkol sa mga bagay na ito kasama ang lahat, hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga isyu. Sa paggawa ng tunay na gawain sa ganitong praktikal na paraan, hindi magkakaroon ng mga problemang hindi malulutas. Ginagawa ba ito ng mga huwad na lider? (Hindi.) Alam lang ng mga huwad na lider na magkunwari at mandaya ng mga tao, kumikilos na parang nauunawaan nila ang mga bagay kahit na hindi naman, hindi makalutas ng anumang mga aktuwal na problema at nagpapakaabala lang sila sa mga walang-kuwentang usapin. Kapag tinatanong kung ano pinagkakaabalahan nila, sinasabi nila, “Kulang ng ilang kutson ang tinitirahan namin, at kulang ng isang piraso ng tela para sa mga kasuotan ang pangkat ng mga gumagawa ng pelikula, kaya umalis ako para bumili ng ilan. Sa iba pang pagkakataon, naubusan ng mga sangkap ang kusina, at hindi makaalis ang kusinero, kaya kinailangan kong lumabas at bumili ng ilan, at bumili na rin ako ng

ilang supot ng harina. Kinailangan ko mismong gawin ang lahat ng bagay na ito." Talagang napakarami ng pinagkakaabalahan nila. Hindi ba't pinababayaan nila ang mga marapat nilang gampanin? Wala talaga silang pakialam o wala talaga silang dinadalang pasanin pagdating sa gawain na nasa saklaw ng mga responsabilidad nila bilang mga lider, nilalayong mairaos lang ang gawain. Ang problema ng pagiging lubos na mahina ng sarili nilang kakayahan at ng pagiging bulag nila kapwa sa mga mata at isipan ay sapat nang malubha, pero wala rin silang dinadalang pasanin at nagpapasasa sila sa kaginhawahan, madalas na gumugugol ng ilang araw sa isang komportableng lugar. Kapag may problema ang isang tao at hinahanap sila nito para sa isang solusyon, hindi sila matatagpuan kahit saan, at walang sinuman ang nakakaalam kung ano talaga ang pinagkakaabalahan nila. Pinamamahalaan nila ang sarili nilang oras. Sa linggong ito, magdaraos sila ng isang pagtitipon para sa isang pangkat sa isang umaga, magpapahinga sa hapon, at sa gabi, titipunin nila ang mga tao na namamahala sa mga pangkalahatang usapin para talakayin ang mga usapin. Sa susunod na linggo, magdaraos sila ng isang pagtitipon para sa mga namamahala sa mga usaping panlabas, kaswal na nagtatanong, "Mayroon bang anumang mga problema? Nagbasa ba kayo ng salita ng Diyos sa panahong ito? Napigilan o nagulo ba kayo sa mga pakikisalamuha ninyo sa mga walang pananampalataya?" At pagkatapos itanong ang ilang tanong na ito, tatapusin na nila ang usapan. Sa isang kisapmata, lilipas ang isang buwan. Anong gawain ang nagawa nila? Bagama't nagdaos sila ng mga pagtitipon para sa bawat pangkat nang halinhinan, wala silang alam tungkol sa sitwasyon ng gawain ng anumang pangkat, ni hindi rin nila inalam o inusisa ang tungkol dito, o lalong hindi sila sumali sa gawain o nagdirekta nito sa bawat pangkat. Hindi sila nakilahok, nagsubaybay, o nagbigay ng direksyon tungkol sa gawain, pero may ilang bagay silang ginawa nang nasa oras: pagkain sa takdang oras, pagtulog sa takdang oras, at pagdaos ng mga pagtitipon sa takdang oras. Lubos na regular ang buhay nila, inaalagaan nila nang mabuti ang sarili nila, pero ang paggampan nila sa gawain ay hindi abot sa pamantayan.

Hindi isinasakatuparan ng ilang lider ang anumang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, hindi ginagawa ang mahalagang gawain ng iglesia pero sa halip ay nagtutuon lang sa ilang di-mahalagang pangkalahatang usapin. Dalubhasa sila sa pamamahala sa kusina, palaging nagtatanong, "Ano ang kakainin natin ngayon? Mayroon pa ba tayong mga itlog? Gaano karaming karne ang natitira? Kung ubos na ito, bibili ako ng ilan." Itinuturing nila ang gawain sa kusina bilang lubhang mahalaga, gumagala-gala sa kusina nang walang dahilan, palaging nag-iisip tungkol sa pagkain ng mas maraming isda, mas maraming karne, mas nagpapasasa, kumakain nang walang anumang mga pagkabagabag. Habang ang mga tao sa bawat pangkat ay abala sa paggawa, tinututukan ang maayos na paggampan sa mga tungkulin nila, nakatuon lang ang mga lider na ito sa pagkain nang mabuti, namumuhay ng isang lubos na komportableng buhay. Simula noong naging mga lider sila, hindi lang sa wala silang pakialam sa gawain ng iglesia at umiiwas sa anumang puspusang pagsisikap, kundi

inaalagaan din nila ang sarili nila para panatilihing bilugan at malarosas ang pisngi nila. Ano ang ginagawa nila araw-araw? Abala sila sa ilang gawain sa pangkalahatang usapin, sa ilang di-mahalagang usapin, hindi gumagawa nang maayos ng anumang tunay na gawain o lumulutas ng anumang mga tunay na problema. Pero hindi sila nakakaramdam ng pagsisisi sa puso nila. Hindi gumagawa ng pangunahing gawain ng iglesia ang lahat ng huwad na lider, ni hindi sila lumulutas ng anumang mga tunay na problema. Matapos nilang maging mga lider, iniisip nila, “Kailangan ko lang maghanap ng ilang tao para gawin ang partikular na gawain, at sa gayon ay hindi ko na mismo ito kailangang gawin.” Naniniwala sila na sa sandaling nagsaayos na sila ng mga superbisor para sa bawat aytem ng gawain, wala na sila mismong maiiwang gagawin. Naniniwala silang paggawa ito ng gawain ng pamumuno, at sa gayon ay may karapatan silang tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan nila. Hindi sila nakikilahok sa anumang tunay na gawain, hindi nagsusubaybay o nagbibigay ng direksyon at hindi sila nagsasagawa ng mga imbestigasyon o pagsasaliksik para malutas ang mga problema. Isinasakatuparan ba nila ang mga responsabilidad ng isang lider? Magagawa ba nang maayos ang gawain ng iglesia sa ganitong paraan? Kapag nagtatanong ang ang Itaas sa kanila para kumustahin ang gawain, sinasabi nila, “Normal ang lahat ng gawain ng iglesia. May isang superbisor na nangangasiwa sa bawat aytem ng gawain.” Kung tatanungin pa tungkol sa kung may anumang mga problema sa gawain, itinutugon nila, “Hindi ko alam. Wala sigurong anumang mga problema!” Ito ang saloobin ng mga huwad na lider sa gawain nila. Bilang isang lider, nagpapakita ka ng ganap na pagiging iresponsable sa gawaing itinalaga sa iyo; iniaatas ang lahat ng ito sa iba, nang walang pagsubaybay, mga pag-usisa, o pagtulong sa paglutas ng mga problema mula sa panig mo—nakaupo ka lang na parang walang pakialam na tagapag-utos. Hindi ba’t nagiging pabaya ka sa responsabilidad mo? Hindi ba’t kumikilos ka na parang isang opisyal? Hindi gumagawa ng anumang partikular na gawain, hindi sumusubaybay sa gawain, hindi nilulutas ang mga tunay na problema—hindi ba’t ang gayong mga lider ay pirasong pandekorasyon lang? Hindi ba’t mga huwad na lider sila? Ito ang perpektong halimbawa ng isang huwad na lider. Ang gawain ng isang huwad na lider ay ang dumaldal lang nang dumaldal at ang maglabas ng mga utos nang hindi talaga nakikilahok o nagsusubaybay sa gawain, ni hindi naghahanap o tinutukoy ang mga problemang nakapaloob sa gawain. Kahit na natukoy ang mga problema, hindi niya nilulutas ang mga ito. Kumikilos lang siya bilang isang walang pakialam na tagapag-utos, iniisip na iyon ang bumubuo sa paggawa ng gawain. Gayumpaman, hindi man lang nababagabag ang konsensiya niya sa ganitong paraan ng pamumuno; komportable siyang namumuhay araw-araw, at masaya siya sa lahat ng oras. Paanong kaya pa rin niyang ngumiti? May natuklasan Akong isang katunayan: Ang gayong mga tao ay ganap na walang kahihiyan. Wala silang ginagawang aktuwal na gawain bilang isang lider, nagsasaayos lang sila ng ilang tao na gagawa ng mga gampanin at itinuturing itong tapos na. Hindi ninyo sila makikita kailanman sa lugar ng gawain; wala silang ideya tungkol sa pag-usad o sa mga

resulta ng gawain ng iglesia, pero iniisip pa rin nilang may kakayahan sila at pasok sila sa pamantayan bilang isang lider. Ito ang perpektong halimbawa ng isang huwad na lider, walang ginagawang anumang aktuwal na gawain. Walang pasanin ang mga huwad na lider para sa gawain ng iglesia, hindi sila nag-aalala o nababalisa gaano man karaming problema ang lumilitaw; nasisiyahan na sila sa paggawa lang ng ilang pangkalahatang usapin at sa gayon ay iniisip nilang gumawa na sila ng aktuwal na gawain. Paano man ilantad ng ang Itaas ang mga huwad na lider, hindi sumasama ang loob nila, ni hindi nila nakikita ang sarili nila sa paglalantad; wala silang anumang pagninilay sa sarili o pagsisisi. Hindi ba't walang konsensiya at katwiran ang gayong mga tao? Kaya ba ng isang taong tunay na may konsensiya at katwiran na tratuhin ang gawain ng iglesia sa ganitong paraan? Tiyak na tiyak na hindi.

Sa pangkalahatan, ang mga tao na may kahit katiting na konsensiya at katwiran, kapag naririnig ang paglalantad ng iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider at ikinukumpara ang sarili nila sa mga paglalarawang ito, ay makakakita, sa mas malaki o mas maliit na antas, na may isang bagay sa sarili nila sa mga paglalarawang ito. Mamumula ang mga mukha nila, hindi sila mapapalagay, hindi mapapakali ang mga puso nila, nakakaramdam ng utang na loob sa Diyos, at palihim silang magkakaroon ng kapasyahan: "Noong nakaraan, nagpasasa ako sa mga kaginhawahan ng laman, hindi ko ginawa nang maayos ang gawain ko, hindi ko isinakatuparan ang mga responsabilidad ko, hindi ako gumawa ng tunay na gawain, naging mangmang ako kapag tinatanong, palaging gustong umiwas sa responsabilidad, at palaging nagkukunwari, natatakot na sa sandaling makita ng iba kung ano talaga ang nangyayari sa akin, mawawala ang reputasyon at katayuan ko, at hindi ko mapapanatili ang posisyong pinanghahawakan ko bilang isang lider. Ngayon ko lang nakikita na kahiya-hiya at hindi puwedeng magpatuloy ang gayong pag-uugali. Dapat maging mas masigasig ako nang bahagya sa pagkilos, at magsumikap ako. Kung patuloy akong mabibigo sa paggawa nang maayos, hindi mapapatawad iyon—makokonsensiya ako!" Nagtataglay pa rin ang ganitong mga huwad na lider ng kaunting pagkatao at konsensiya; kahit papaano, may kamalayan ang konsensiya nila. Pagkatapos marinig ang paglalantad Ko, nakikita nila ang sarili nila sa mga salitang ito at nakakaramdam ng pagkabagabag; nagninilay sila: "Talagang wala akong nagawang anumang tunay na gawain, o nalutas na anumang mga tunay na problema. Hindi ako karapat-dapat sa atas ng Diyos o sa titulo ng lider. Kung gayon, ano ang dapat kong gawin? Dapat akong bumawi; mula ngayon, dapat akong magpakasigasig at lumutas ng mga tunay na problema, makilahok sa bawat partikular na gampanin, umiwas sa pagtakas sa responsabilidad, umiwas sa pagkukunwari, at gumawa ng mga bagay sa abot ng makakaya ko. Sinisiyasat ng Diyos ang puso at kaloob-loobang kaisipan ng mga tao, alam ng Diyos ang tunay na sukat ng lahat; hindi importante kung ginagawa ko man nang maayos o hindi ang mga bagay, pinakamahalaga ang buong-pusong paggawa nito. Kung hindi ko man lang magawa ito, matatawag pa rin ba akong tao?" Ang kakayahang pagnilayan ang sarili sa ganitong

paraan ay tinatawag na pagkakaroon ng konsensiya. Ang mga taong walang konsensiya, paano mo man sila ilantad, ay hindi namumula ang mukha o hindi nakararamdam ng pagkabog ng dibdib nila; nagpapatuloy lang sila sa paggawa ng anumang gusto nila. Kahit na nakikita nila ang sarili nila sa inilantad ng Diyos, nakakaramdam sila ng kawalan ng interes tungkol dito: “Hindi naman nabanggit ang pangalan ko,” iniisip nila. “Bakit dapat akong matakot? Mahusay ang kakayahan ko, may talento ako; kung wala ako, walang kayang gawin ang sambahayan ng Diyos! Ano naman kung hindi ako gumagawa ng anumang tunay na gawain? Hindi ako mismo ang gumagawa nito, pero ipinapagawa ko naman sa iba, kaya natatapos pa rin naman ang gawain, hindi ba? Sa ano’t ano man, sa bawat gampaning ipinapagawa mo sa akin, tinatapos ko ito para sa iyo, sino pa man ang isinasaayos ko para gawin ito. Mahusay ang kakayahan ko, kaya matalino akong gumagawa. Sa hinaharap, magpapatuloy akong iraos ang gawain at magpapakaligaya sa buhay tulad ng ninanais ko.” Kahit paano Ko himayin o ilantad ang mga huwad na lider nang dahil sa hindi paggawa ng tunay na gawain, nananatiling pareho ang gayong mga tao, ganap na walang kamalayan: “Hayaan mo ang iba na isipin kung ano ang gusto nila, at tingnan ako kung paano nila ako gustong tingnan—talagang hindi ko ito gagawin!” May konsensiya ba ang gayong mga huwad na lider? (Wala.) Ito ang ikaapat na pagkakataong nagbahaginan tayo tungkol sa paglalantad ng iba’t ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider, at sa bawat pagkakataong inilalantad Ko ang gayong mga indibidwal, iyong mga may kahit katiting na konsensiya ay nakakaramdam ng kaba o pagkabalisa, nakakaramdam ng kawalang-kumpiyansa nang dahil sa hindi maayos na paggawa nila ng gawain, at palihim na nagpapasyang mabilis na magsisi at magbago. Samantala, iyong mga walang konsensiya ay labis-labis na walang kahihiyan; wala silang anumang nararamdaman. Paano man Ako makipagbahaginan, nagpapatuloy lang sila sa pamumuhay sa mga araw nila tulad ng nakasanayan, nagpapakaligaya sa buhay tulad ng ninanais nila. Kapag tinatanong mo sila, “Responsable ang ilang tao sa gawain ng ebanghelyo, ang ilan sa gawain ng pagsasalin, at ang iba naman sa gawain ng paggawa ng pelikula—sa anong partikular na gawain ka responsable?” sinasabi nila: “Bagama’t wala akong nagawang anumang partikular na gawain, pinangangasiwaan ko ang lahat ng bagay. Nagdaraos ako ng mga pagtitipon para sa kanila.” Kung tatanungin mo sila, “Gaano karaming pagtitipon ang idinaraos mo sa loob ng isang buwan?” tutugon sila: “Sa pinakamababa, isang malaking pagtitipon sa isang buwan, at isang maliit kada dalawang linggo.” At kapag tinatanong mo sila, “Bukod sa pagdaraos ng mga pagtitipon, anong partikular na gawain ang nagawa mo?” tutugon sila: “Dahil napakaabala ko sa mga pagtitipon, anong partikular na gawain ang magagawa ko? Bukod pa rito, napakalawak ng saklaw ng pinamamahalaan ko, wala akong oras para sa partikular na gawain.” Pakiramdam ng mga huwad na lider na ito na ganap silang nasa tama—napakatatag at napakatibay nilang mga lider! Kahit paano sila inilantad at pinungusan, hindi masama ang loob nila tungkol dito kahit kaunti. Kung may ipinapagawa sa Aking partikular na gawain, tulad ng pagluluto para sa limang tao, pero gumawa Ako ng pagkain na sapat

lang para sa apat, hindi Ako magiging komportable dahil sa hindi sapat ang nagawa Ko, at makakaramdam Ako ng pagkakonsensiya dahil hindi Ko napakain nang sapat ang lahat. Kung gayon, iisipin Ko kung paano Ako makakabawi, tinitiyak na wastong magkakalkula sa susunod para makakuha ng sapat na makakain ang lahat. At kapag may nagsabi na masyadong maalat ang pagkain, sasama rin ang loob Ko. Tatanungin Ko kung aling putahe ang masyadong maalat, at pagkatapos ay tatanungin Ko ang iba kung angkop ba ang pampalasa. Bagama't mahirap pasayahin ang lahat, dapat Ko pa ring subukan ang bawat posibleng paraan para magawa Ko nang maayos ang parte Ko. Ito ay tinatawag na pagsasakatuparan ng mga responsabilidad ng isang tao; ito ang katwirang dapat taglayin ng mga tao. Dapat mong isakatuparan palagi ang mga responsabilidad mo; ano man ang gawain, dapat may partisipasyon ka mismo rito. Kung may sinumang mag-aalok ng ibang opinyon—kahit sino pa sila—at napagtanto mong nasa mali ka at sumama ang loob mo pagkatapos marinig ito, dapat kang gumawa ng mga pagwawasto at ilagay ang puso mo sa gagawin mo sa hinaharap, na gumagawa nang maayos kahit na nangangahulugan ito ng pagtitiis ng ilang paghihirap. Walang ganitong pakiramdam ang mga huwad na lider, kaya hindi talaga sila nagtitiis ng anumang paghihirap. Pagkatapos marinig ang mga katunayang ito tungkol sa paglalantad ng mga huwad na lider, wala silang anumang nararamdaman, nasisiyahan pa rin sa pagkain nila, natutulog nang mahimbing, at nagpapakasasa sa buhay, nang may parehong pakiramdam ng kasiyahan araw-araw, at nang walang pakiramdam ng pagdadala ng mabigat na pasanin sa mga balikat nila, o walang kirot ng pagkakonsensiya sa puso nila. Anong uri ng mga tao ang mga ito? May problema ang gayong mga tao sa karakter nila: Wala silang konsensiya, wala silang katwiran, at mababa ang karakter nila. Sa kabila ng paglalantad sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider sa napakahabang panahon—kapwa mula sa isang positibong perspektiba, pagtutustos at pagbabahaginan, at mula sa isang negatibong perspektiba, paglalantad at paghihimay sa kanila—hindi pa rin makilala ng isang bahagi ng mga huwad na lider ang sarili nilang mga isyu, ni hindi nila kailanman layong magnilay at magsisi. Kung walang anumang pangangasiwa o panghihimok mula sa ang Itaas, iraraos pa rin nila ang gawain nila hangga't kaya nila, nang hindi talaga nagbabago ng direksyon. Paano Ko man sila inilalantad, nakaupo pa rin sila roon nang kalmado at ganap na walang kamalayan. Hindi ba't masyado na talaga silang walang kahihiyan? Ang ganitong uri ng mga tao ay hindi angkop na maging mga lider o manggagawa; sila ay may napakababang karakter na wala silang kahihiyan! Para sa mga normal na tao, maging ang marinig lang ang isang tao na banggitin ang kanilang mga pagkukulang, kapintasan, o anumang hindi angkop o salungat sa mga prinsipyo tungkol sa ginawa nila—hindi na bale ang partikular na mailantad—ay magiging mahirap para sa kanila na tiisin, at makakaramdam sila ng sama ng loob at ng labis na kahihiyan, at iisipin kung paano babaguhin at itatama ang mga sarili nila. Samantala, gumagawa ng ganap na gulo ang mga huwad na lider na ito sa gawain nila at namumuhay pa rin sila nang malinis ang konsensiya, hindi nag-aalala o nababalisa, at nananatiling ganap

na walang kamalayan paano man sila nalantad—naghahanap pa nga sila ng mga lugar na mapagtataguan at naghahanap ng libangan, at palagi silang hindi makita kahit saan. Wala talaga silang kahihiyan!

Kahit papaano ay dapat may taglay na konsensiya at katwiran ang isang lider ng iglesia, at dapat nauunawaan rin niya ang ilang katotohanan—saka lang siya makadarama ng isang pasanin. Ano ang mga pagpapamalas ng pagdama ng isang pasanin? Kung nakikita niya na negatibo ang ilang tao, may baluktot na pag-arok ang ilan, inaaksaya ng ilan ang mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos, pabasta-bastang ginagawa ng ilan ang gawain nila, hindi inaasikaso ng ilan ang mga marapat nilang gampanin kapag ginagampanan ang mga tungkulin nila, palaging bumibigkas ang ilan ng matatayog na salita pero hindi gumagawa ng tunay na gawain…, natutuklasan na masyadong maraming problema ang umiiral sa loob ng iglesia at kinakailangang malutas, nakikitang napakaraming gawain ang hindi natapos, nagiging sanhi ito ng pagkakaroon nila ng isang pakiramdam ng pasanin. Simula noong naging isa siyang lider, tila may isang apoy na palaging nagniningas sa kalooban niya; kung may natutuklasan siyang problema at hindi niya ito malutas, nag-aalala at nababalisa siya, hindi makakain o makatulog. Sa mga pagtitipon, kapag nag-uulat ang ilang tao ng mga problema sa gawain nila na hindi agarang nakikilatis at nalulutas ng lider, hindi sumusuko ang lider; pakiramdam niya ay dapat niyang malutas ang problemang ito. Pagkatapos magdasal at maghanap, at sa pag-iisip-isip nito sa loob ng dalawang araw, sa sandaling alam na niya kung paano ito malulutas, mabilis niyang nilulutas ang isyu. Pagkatapos lutasin ang isyu, agaran niyang sinusuri ang iba pang gawain at natutuklasan ang isa pang isyu kung saan masyadong maraming tao ang kabilang sa isang gawain; na nangangailangan ng pagbabawas sa tauhan. Pagkatapos ay agad siyang nagpapatawag ng isang pagtitipon, malinaw niyang inuunawa ang sitwasyon, nagbabawas ng tauhan, at bumubuo ng mga makatwirang pagsasaayos, at sa gayon ay nalulutas ang problema. Alinmang gawain ang kanilang sinusuri, laging makatutukoy ng mga problema ang mga lider na nagdadala ng pasanin. Para sa anumang problemang may kinalaman sa propesyonal na kaalaman, o salungat sa mga prinsipyo, magagawa nilang tukuyin ang mga ito, magtanong tungkol sa mga ito, at maunawaan ang mga ito, at kapag may natuklasan silang problema, nilulutas nila ito kaagad. Nilulutas lamang ng matatalinong lider at manggagawa ang mga problemang may kinalaman sa gawain ng iglesia, propesyonal na kaalaman, at mga katotohanang prinsipyo. Hindi nila pinapansin ang maliliit na bagay sa pang-araw-araw na buhay. Sinusubaybayan nila ang bawat aspekto ng gawain ng pagpapalaganap sa ebanghelyo na iniatas ng Diyos. Nagtatanong sila at sinusuri ang tungkol sa anumang problemang napapansin o natutuklasan nila. Kung hindi nila malutas mag-isa ang problema sa sandaling iyon, nakikipagtipon sila sa iba pang mga lider at manggagawa, nakikipagbahaginan sa kanila, naghahanap ng mga katotohanang prinsipyo, at nag-iisip ng mga paraan para malutas ito. Kung may makaharap silang isang malaking problema na talagang hindi nila malulutas, agad silang sumasangguni sa ang Itaas, at ipinapaubaya

sa ang Itaas na asikasuhin at lutasin ito. Ang mga lider at manggagawang ganito ay mga taong may prinsipyo sa kanilang mga kilos. Anuman ang mga problema, basta't nakita nila ang mga ito, hindi nila ito palalampasin; iginigiit nilang lubusang unawain ang mga problemang ito at pagkatapos ay isa-isang lutasin ang mga ito. Kahit na hindi ganap na malutas ang mga ito, masisiguro na hindi na muling lilitaw ang mga problemang ito. Ito ay ang paggampan sa tungkulin ng isang tao nang buong puso, lakas, at isipan, ganap na isinasakatuparan ang mga responsabilidad niya. Iyong mga huwad na lider at manggagawa na hindi gumagawa ng tunay na gawain o hindi tumutuon sa paglutas ng mga tunay na problema ay hindi makakatuklas ng mga problema na nasa harapan nila at hindi alam kung anong gawain ang dapat nilang tapusin. Basta't nakikita nila na abala ang mga kapatid sa paggampan ng mga tungkulin ng mga ito, ganap silang kontento, pakiramdam nila na ito ang resulta ng tunay nilang paggawa; iniisip nila na napakainam ng lahat ng aspekto ng gawain at na wala silang gaanong personal na gagawin o wala silang anumang mga problema na lulutasin, kaya nakatuon sila sa pagtatamasa ng mga pakinabang ng katayuan nila. Palagi nilang gustong magpakitang-gilas at magyabang tungkol sa sarili nila sa gitna ng mga kapatid. Sa tuwing nakikita nila ang mga kapatid, sinasabi nila, "Maging mabuti kang mananampalataya. Gampanan mo nang maayos ang tungkulin mo. Huwag kang magpabasta-basta sa gawain. Kung magiging pasaway o magdudulot ka ng pagkabagabag, tatanggalin kita!" Ang alam lang nila ay igiit ang katayuan nila at pangaralan ang mga tao. Sa mga pagtitipon, palagi silang nagtatanong kung anong mga problema ang umiiral sa gawain at nagtatanong kung iyong mga nasa ilalim nila ay may anumang mga paghihirap, pero kapag nagpapahayag ang iba ng mga problema at paghihirap ng mga ito, hindi nila malutas ang mga ito. Sa kabila nito, masaya pa rin sila, at nagpapatuloy pa ring mamuhay nang may malinis na konsensiya. Kung hindi nagbabanggit ng anumang mga paghihirap o problema ang mga kapatid, pakiramdam nila ay ginagawa nila nang maayos ang trabaho nila, na nagiging kampante sila. Iniisip nilang ang pagtatanong tungkol sa gawain ay ang trabahong iniatas sa kanila, at kapag lumilitaw ang mga problema at natutukoy ng ang Itaas ang pananagutan pabalik sa kanila, natutulala sila. Inilalatag ng iba sa harap nila ang mga paghihirap at problema sa gawain, pero nagrereklamo pa rin sila kung bakit hindi hinahanap ng mga ito ang katotohanan para lutasin ang mga iyon. Hindi nilulutas mismo ang mga tunay na problema, ipinapasa nila ang sisi sa mga superbisor sa ibaba nila, malupit na sinisita ang mga taong gumagawa ng mga partikular na gampanin. Nakakatulong ang pagsita na ito na mapawi ang galit nila, at naniniwala pa nga sila nang may malinis na konsensiya na gumagawa sila ng tunay na gawain. Hindi sila kailanman nakaramdam ng pag-aalala o pagkabalisa dahil sa hindi pagkatuklas o pagkalutas ng mga problema, ni hindi sila nawalan ng ganang kumain o matulog nang maayos dahil dito—hindi sila kailanman nagdusa ng ganitong uri ng paghihirap.

Sa tuwing bumibisita Ako sa isang iglesia sa bukid, nilulutas Ko ang ilang problema. Sa tuwing pumupunta Ako, hindi ito dahil may natuklasan Akong ilang partikular na isyu

na dapat malutas; pagkakaroon lang ito ng kaunting libreng panahon para mag-ikot-ikot at kumustahin ang gawain ng iba't ibang pangkat sa iglesia, at ang mga kalagayan ng mga tao sa bawat pangkat. Tinitipon Ko ang mga superbisor para mag-usap-usap, tinatanong kung anong gawain ang ginagawa nila sa panahong ito, at anong mga problema ang mayroon, hinahayaan Ko silang magsabi ng ilang isyu, at pagkatapos ay nakikipagbahaginan Ako sa kanila tungkol sa kung paano lutasin ang mga ito. Kapag nakikipagbahaginan Ako sa kanila, natutuklasan Ko rin ang ilang bagong problema. Ang isang uri ng problema ay iyong may kaugnayan sa kung paano ginagawa ng mga lider at manggagawa ang gawain nila; ang isa pa ay mga problema sa gawaing nasa saklaw ng mga responsabilidad nila. Dagdag pa rito, tinutulungan at ginagabayan Ko rin sila sa kung paano gumawa ng partikular na gawain, kung paano ipatupad ang gawain, kung anong gawain ang gagawin, at pagkatapos ay sinusubaybayan Ko sa susunod, kinukumusta sila tungkol sa gawaing iniatas noong nakaraan. Kinakailangan ang gayong pangangasiwa, panghihimok, at pagsusubaybay. Bagama't hindi ito ginagawa nang may maraming palabas at pagsigaw, gumagamit ng mga ispiker para mag-anunsiyo, ipinapahayag at ipinapatupad ang mga partikular na trabaho at gampaning ito sa pamamagitan ng ilang lider at manggagawa na kayang gumawa ng tunay na gawain. Kaya, nagiging maayos at umuusad ang gawain ng bawat pangkat, bumubuti ang kahusayan ng gawain, at mas maganda ang mga resulta. Sa huli, ang lahat ng tao sa bawat pangkat ay mapanghahawakan nang mahigpit ang sarili nilang tungkulin, na alam kung ano ang dapat nilang gawin at kung paano ito gagawin. Kahit papaano, ginagampanan ng lahat ang nararapat nilang tungkulin, lahat sila ay may mga nakaatas na gampanin, at ang kanilang ginagawa ay nagagawa ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos at naisasagawa rin ito ayon sa mga prinsipyo. Hindi ba't pagkamit ito ng ilang resulta? Alam ba ng mga huwad na lider kung paano gumawa sa ganitong paraan? Magbubulay ang mga huwad na lider: "Kung gayon, ganito isinasagawa ng ang Itaas ang gawain: tinatawagan ang ilang tao para sama-samang mag-usap, nagtatala ang lahat sa isang munting aklat, at pagkatapos ng pagtatala, tapos na ang gawain ng ang Itaas. Kung ganito magsagawa ng gawain ang ang Itaas, gagawin namin ito sa parehong paraan." Kaya, gumagaya ang mga huwad na lider sa ganitong paraan. Kinokopya nila ang panlabas na anyo, pero sa huli, hindi talaga sila gumagawa ng anumang tunay na gawain, hindi ipinapatupad ang alinman sa mga gampaning iniatas sa kanila, pinapalipas lang ang oras sa pagdaldal nang walang kabuluhan. Minsan, pumupunta rin Ako sa mga taniman ng gulay at mga greenhouse para tingnan kung paano lumalaki ang mga punla, o para alamin kung gaano karaming siklo ng mga pananim ang mapapalaki sa greenhouse sa taglamig, at kung gaano kadalas ang pagdidilig sa mga ito. Ang lahat ng gampaning ito, malaki man o maliit, ay may kasangkot na mga teknikal na isyung may kaugnayan sa pagtatanim ng gulay, at hangga't masigasig na ginagawa ng isang tao ang mga ito, matatapos niya ang mga ito. Saan pangunahing ipinapakita ng mga huwad na lider ang pagiging huwad nila? Ang

pinakalantad ay ang hindi paggawa ng tunay na gawain; gumagawa lang sila ng ilang gampaning nagpapaganda ng imahe nila at itinuturing na nilang tapos na ang mga ito, at pagkatapos ay nagsisimula na silang tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan nila. Kahit gaano karami ang ganitong uri ng gawaing ginagawa nila, ibig ba nitong sabihin ay nagsasagawa sila ng tunay na gawain? Hindi dalisay na naaarok ng karamihan sa mga huwad na lider ang katotohanan, nauunawaan lang ang ilang salita at doktrina, kaya't napakahirap na magawa nang maayos ang tunay na gawain. Ang isang bahagi ng mga huwad na lider ay hindi pa nga makalutas ng mga isyung may kinalaman sa pangkalahatang usapin; malinaw na may mahina silang kakayahan at walang espirituwal na pang-unawa. Ganap na walang halaga ang paglilinang sa kanila. May kaunting kakayahan naman ang ilang huwad na lider, pero hindi sila gumagawa ng tunay na gawain, at nagpapasasa sila sa mga kaginhawahan ng laman. Ang mga taong nagpapasasa sa mga kaginhawahan ng laman ay walang gaanong ipinagkaiba sa mga baboy. Ginugugol ng mga baboy ang maghapon sa pagtulog at pagkain. Walang ginagawa ang mga ito. Gayumpaman, matapos ang isang taon ng pagsisipag na mapakain ang mga ito, kapag kinakain ng buong pamilya ang karne ng mga ito sa pagtatapos ng taon, masasabi na nagkaroon ng silbi ang mga ito. Kung inaalagaan ang isang huwad na lider na gaya ng isang baboy, kumakain at umiinom nang libre tatlong beses bawat araw, tumataba at lumalakas, pero wala siyang ginagawang anumang tunay na gawain at wala siyang silbi, hindi ba walang saysay ang pag-aalaga sa kanya? Nagkaroon ba iyon ng anumang silbi? Magiging isa lang siyang hambingan at dapat itiwalag. Talagang mas mabuti pang mag-alaga ng isang baboy kaysa isang huwad na lider. Ang mga huwad na lider ay maaaring may titulong "lider," maaaring nakaupo sila sa posisyong ito, kumakaing mabuti nang tatlong beses kada araw, tinatamasa ang maraming biyaya ng Diyos, bumibilog at nagiging malarosas mula sa kakakain nang sobra sa katapusan ng taon—pero kumusta naman ang gawain? Tingnan mo ang lahat ng nakompleto sa gawain mo ngayong taon: Nagkaroon ka ba ng mga resulta sa anumang bahagi ng gawain ngayong taon? Anong tunay na gawain ang ginawa mo? Hindi hinihingi ng sambahayan ng Diyos na gawin mo ang bawat trabaho nang perpekto, pero dapat mong gawin nang mabuti ang pangunahing gawain—halimbawa, ang gawain ng ebanghelyo, o gawain ng paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, at iba pa. Dapat maging mabunga ang lahat ng ito. Sa mga normal na sitwasyon, karamihan sa gawain ay dapat magbunga ng ilang resulta at tagumpay pagkatapos ng tatlo hanggang limang buwan; kung walang mga tagumpay pagkatapos ng isang taon, isa itong malubhang problema. Sa loob ng saklaw ng iyong responsabilidad, aling gawain ang naging pinakamabunga? Alin ang binayaran mo ng pinakamalaking halaga at pinakapinagdusahan mo nang buong taon? Ipakita mo ang tagumpay na ito, at pagnilayan kung nakagawa ka ng anumang mahahalagang tagumpay mula sa isang taon ng iyong pagtatamasa ng biyaya ng Diyos; dapat na may malinaw kang pagkaunawa rito sa iyong puso. Ano nga ba ang ginagawa mo habang kinakain mo ang

pagkain ng sambahayan ng Diyos at tinatamasa ang biyaya ng Diyos sa buong panahong ito? May nakamit ka bang anuman? Kung wala kang nakamit, iniraraos mo lang ang gawain; ikaw ay isang tunay na huwad na lider. Dapat bang tanggalin at itiwalag ang gayong mga lider? (Oo.) Makikilatis ba ninyo ang gayong mga huwad na lider kapag nakatagpo ninyo sila? Makikita ba ninyong mga huwad na lider sila, iniraraos lang ang gawain para makalibre ng pagkain? Kumakain sila hanggang maging mamantika ang mga bibig nila pero hindi sila kailanman nagmumukhang nag-aalala o balisa tungkol sa gawain, hindi nakikilahok o nagsisiyasat tungkol sa anumang mga partikular na gampanin. Kahit na magsiyasat sila, may dahilan ito; ginagawa lang nila iyon kapag ginigipit sila ng ang Itaas tungkol sa mga resulta at kung hindi, hindi sila mag-aabalang gawin iyon. Palagi silang nagpapasasa sa pagpapakaligaya, madalas nanonood ng mga pelikula o palabas sa TV. Nag-aatas sila ng gawain at habang abala ang iba sa paggampan ng mga tungkulin ng mga ito, nagpapahinga at nagpapakaligaya sila. Kung may isang problema at susubukan ninyong hanapin sila para asikasuhin ito, hindi sila makikita kahit saan, pero hindi sila kailanman nahuhuli sa mga kainan. At pagkatapos kumain, kapag bumabalik na ang lahat sa gawain, umaalis sila para magpahinga pa nang mas matagal. Kung tatanungin mo sila, “Bakit hindi ka lumabas at suriin mo ang gawain? Naghihintay ang lahat sa paggabay mo, sa mga pagsasaayos mo!” sasabihin nila: “Bakit ninyo ako hinihintay? Kaya ninyong lahat iyan, alam ninyong lahat kung paano gawin iyan—hindi ba’t pareho lang kapag wala ako? Hindi ba ako puwedeng magpahinga sandali?” “Pagpapahinga ba iyan? Nanonood ka lang ng mga pelikula!” “Pinag-aaralan ko ang mga propesyonal na kasanayan, nag-aaral ako kung paano kinukunan ang mga pelikula.” Nagdadahilan pa nga sila. Nanonood sila ng pelikula nang sunod-sunod, at kapag nagpapahinga ang lahat sa gabi, nagpapahinga rin sila. Sa bawat araw, iniraraos lang nila ang gawain nang ganito, pero hanggang saan? Hindi sila kaaya-aya sa tingin ng lahat, naaasiwa ang lahat sa kanila, at kalaunan, walang sinuman ang pumapansin sa kanila. Sabihin mo sa Akin, kung ang isang lider na tulad nito ay hindi ang nangangasiwa, makakausad pa rin ba ang gawain? Kung wala siya, hihinto ba ang pag-ikot ng mundo? (Umiikot pa rin ito.) Kung gayon, dapat siyang ilantad para makita ng lahat na hindi niya inaasikaso ang mga marapat na gampanin at na walang dapat mapigilan ng taong ito. Ang gayong mga huwad na lider na hindi nag-aasikaso sa mga marapat na gampanin ay dapat na malantad at mahimay para kilatisin ng lahat, at dapat siyang tanggalin para isantabi! Makikilatis ba ninyo ang gayong mga huwad na lider kapag nakatagpo ninyo sila? Kung walang mga huwad na lider, mararamdaman ba ninyong lahat na para kayong mga mandaragat na walang kapitan? Makakakumpleto ba kayo ng gawain at makakatapos ng mga gampanin nang kayo lang? Kung hindi ninyo kaya, nasa panganib kayo. Ang pagharap sa ganitong uri ng mga huwad na lider, na hindi gumagawa ng tungkulin nila nang maayos, hindi namumuno sa pamamagitan ng halimbawa, at nag-aaksaya ng oras sa pakikipag-usap online—magkakaroon ba kayo ng pagkilatis sa ganitong uri ng sitwasyon? Maiimpluwensiyahan ba niya kayo para

makisali rin sa walang-kuwentang daldalan at magpaliban sa mga tungkulin ninyo? Magagawa pa rin ba ninyong sundin ang gayong mga huwad na lider? (Hindi.)

Matatakaw at mga tamad ang ilang huwad na lider, mas gusto nila ng kaginhawahan kaysa sa mabigat na gawain. Ayaw nilang gumawa o mag-alala, iniiwasan nila ang pagsisikap at responsabilidad, at gusto lang nilang magpakasasa sa kaginhawahan. Mahilig silang kumain at maglaro, at lubha silang tamad. May isang huwad na lider noon na babangon lang sa umaga kapag nakakain na ang lahat, at sa gabi, nanonood pa rin siya ng mga teleserye sa TV habang nagpapahinga na ang iba. Isang brother na responsable sa pagluluto ang hindi na nakatiis at pinuna siya. Sa palagay ba ninyo ay makikinig siya sa isang kusinero? (Hindi.) Ipagpalagay nating pinagsabihan siya ng isang lider o manggagawa, sinasabi, “Kailangan mong maging mas masipag; ang gawaing kailangang gawin ay dapat na gawin. Bilang lider, dapat mong tuparin ang mga responsabilidad mo anuman ang gawain; dapat mong tiyaking walang mga problema rito. Ngayong may nakita nang problema, at wala ka para lutasin ito, nakakaapekto ito sa gawain. Kung palagi kang gumagawa sa ganitong paraan, hindi ba’t pag-aantala ito sa gawain ng iglesia? Kaya mo bang pasanin ang pananagutang ito?” Makikinig ba siya rito? Hindi sigurado. Para sa mga gayong huwad na lider, dapat agad silang tanggalin ng grupo ng mga tagapagpasya at dapat magsaayos ito ng ibang gawain para sa kanila, hayaan silang gawin ang anumang kaya nilang gawin. Kung wala silang silbi, gustong maging palamunin kahit saan sila magpunta, kung wala silang kayang gawin, paalisin na sila at huwag nang bigyan ng anumang tungkulin. Hindi sila karapat-dapat na gumawa ng tungkulin; hindi sila tao, wala silang konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao, wala silang kahihiyan. Para sa mga gayong huwad na lider, na maituturing na mga tamad, kapag nakilatis na sila, dapat tanggalin na sila agad; hindi na kailangan pang subukang hikayatin sila, at hindi na sila dapat bigyan ng anumang pagkakataon para sumailalim sa obserbasyon, ni hindi na kailangang makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan. Hindi ba’t sapat na ang narinig nilang mga katotohanan? Kung pinungusan sila, magagawa ba nilang magbago? Hindi. Kung ang isang tao ay may mahinang kakayahan, may mga katawa-tawang pananaw minsan, o hindi nauunawaan ang buong sitwasyon dahil sa pagiging ignorante, pero siya ay masipag, nagdadala ng pasanin, at hindi tamad, kung ganoon, ang gayong tao, sa kabila ng mga paglihis sa paggawa ng tungkulin niya, ay puwedeng magsisi kapag naharap siya sa pagpupungos. Sa pinakamababa, alam niya ang mga responsabilidad ng isang lider at alam niya kung ano ang dapat niyang gawin, may konsensiya siya at pagpapahalaga sa responsabilidad, at may puso siya. Gayumpaman, iyong mga tamad, pumipili sa kaginhawahan kaysa sa mabigat na gawain, at walang pasanin, ay hindi kayang magbago. Walang pasanin sa puso nila; sinuman ang pumungos sa kanila, wala itong silbi. Sinasabi ng ilang tao, “Kung gayon, kung darating sa kanila ang paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, at pagpipino ng Diyos, mababago ba nito ang isyu nila ng kawalan ng pasanin?” Hindi ito mababago; tinutukoy ito ng kalikasan ng isang tao, tulad

ng isang aso na hindi kayang baguhin ang gawi nitong pagkain ng dumi. Sa tuwing nakakakita ka ng taong tamad at walang pasanin at nagseserbisyo rin bilang isang lider, matitiyak mong isa siyang huwad na lider. Maaaring sabihin ng ilan, “Paano mo siya matatawag na isang huwad na lider? May mabuti siyang kakayahan, matalino siya, nakikilatis niya ang mga bagay-bagay, at nakakabuo siya ng mga plano. Sa mundo, namahala siya ng mga negosyo, nagserbisyo bilang mga CEO; matalino, may karanasan, at siya ay maalam sa mundo!” Malulutas ba ng mga katangiang ito ang problema niya ng pagiging tamad at ng kawalan ng pasanin? (Hindi.)

Anong uri ng mga pagpapamalas at katangian ang ipinapakita niyong mga sobrang tamad? Una, sa anumang bagay na ginagawa nila, pabasta-basta silang kumikilos, nag-aaksaya ng oras, nagmamabagal, at nagpapahinga at nagpapaliban hangga’t maaari. Pangalawa, wala silang pakialam sa gawain ng iglesia. Para sa kanila, maaari naman itong gawin ng sinumang may gusto ng pag-aalala tungkol sa gayong mga bagay. Hindi nila gagawin ito. Kapag nag-aalala nga sila tungkol sa isang bagay, para ito sa sarili nilang kasikatan, pakinabang, at katayuan—ang mahalaga lang para sa kanila ay na natatamasa nila ang mga pakinabang ng katayuan. Pangatlo, umiiwas sila sa paghihirap sa gawain nila; hindi nila matanggap na nakapapagod nang kahit kaunti ang gawain nila, labis na sumasama ang loob nila kung ganoon nga, at hindi nila kayang magtiis ng paghihirap o magbayad ng halaga. Pang-apat, hindi nila kayang magtiyaga sa anumang gawaing ginagawa nila, palagi silang sumusuko sa kalagitnaan at hindi nakatatapos ng mga bagay-bagay. Kung pansamantala silang nasa isang mabuting kalagayan, maaari silang gumawa ng kaunting gawain dahil sa katuwaan, pero kung nangangailangan ng pangmatagalang dedikasyon ang isang bagay, at palagi silang ginagawang abala nito, kailangan itong pag-isipan nang husto, at nakapapagod ito sa katawan nila, sa paglipas ng panahon ay magsisimula silang magreklamo. Halimbawa, ang ilang lider ang nangangasiwa ng gawain ng iglesia, at bago at sariwa ito para sa kanila sa simula. Malaki ang motibasyon nila sa kanilang pagbabahagi sa katotohanan at kapag nakikita nilang may mga problema ang mga kapatid, nagagawa nilang tumulong at lutasin ang mga ito. Pero, matapos ang pansamantalang pagtitiyaga, nagsisimula na silang makaramdam na masyadong nakakapagod ang gawain ng pamumuno, at nagiging negatibo sila—ninanais nilang lumipat sa mas madaling trabaho, at hindi sila handang magtiis ng paghihirap. Kulang ang gayong mga tao sa pagtitiyaga. Panlima, ang isa pang katangian na nakatutukoy sa mga tamad na tao ay ang pag-aatubili nilang gumawa ng tunay na gawain. Sa sandaling magdusa ang laman nila, nagpapalusot sila para iwasan at takasan ang gawain nila, o ipinapasa nila ito sa ibang tao. At kapag natapos ng taong iyon ang gawain, sila mismo ang umaani sa mga gantimpala nang walang kahihiyan. Ito ang limang pangunahing katangian ng mga taong tamad. Dapat kayong magsuri para makita ninyo kung may gayong mga tamad na tao sa mga lider at manggagawa sa mga iglesia. Kung may makita kayong isa, dapat siyang tanggalin kaagad. Makagagawa ba ng mabuting gawain bilang lider ang mga tamad? Anumang

uri ng kakayahan ang mayroon sila o anuman ang kalidad ng kanilang pagkatao, kung tamad sila, hindi nila magagawa nang maayos ang gawain nila, at maaantala nila ang gawain at mga importanteng usapin. May sari-saring aspekto ang gawain ng iglesia; ang bawat aspekto nito ay may kaakibat na maraming detalyadong gampanin at nangangailangan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan para malutas ang mga problema upang magawa ang gawain nang maayos. Samakatwid, dapat maging masigasig ang mga lider at manggagawa—kailangan nilang gumawa ng maraming pag-uusap at maraming gawain araw-araw para matiyak ang pagiging epektibo ng gawain. Kung masyadong kaunti ang pagsasalita o gagawin nila, walang magiging resulta. Kaya, kung tamad ang isang lider o manggagawa, tiyak na isa siyang huwad na lider at walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain. Hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga tamad na tao, lalong hindi sila pumupunta sa mga lugar ng trabaho, at hindi sila handang lutasin ang mga problema o makisangkot sa anumang partikular na gawain. Wala silang ni katiting na pagkaunawa o pagkaarok sa mga problema sa anumang gawain. Mayroon lang silang paimbabaw, malabong ideya sa isipan nila mula sa pakikinig sa sinabi ng iba, at iniraraos nila ang gawain sa pangangaral lang ng kaunting doktrina. Magagawa ba ninyong makilatis ang ganitong uri ng lider? Makikilala ba ninyo na siya ay huwad na lider? (Medyo.) Pabasta-basta ang mga taong tamad sa anumang tungkuling ginagampanan nila. Ano man ang tungkulin, wala silang pagtitiyaga, paminsan-minsang gumagawa, at nagrereklamo sa tuwing dumaranas sila ng ilang paghihirap, naglalabas ng mga walang-katapusang hinaing. Inaalipusta nila ang sinumang pumupuna o pumupungos sa kanila, tulad ng isang taong mainitin ang ulo na nang-iinsulto ng mga tao sa lansangan, na palaging gustong ilabas ang kanyang galit sa iba, at na hindi gustong gampanan ang tungkulin niya. Ano ang ipinapakita nitong pag-ayaw nilang gampanan ang tungkulin nila? Ipinapakita nito na hindi sila nagbubuhat ng pasanin, ayaw nilang umako ng responsabilidad, at sila ay mga taong tamad. Ayaw nilang magdusa ng mga paghihirap o magbayad ng halaga. Naaangkop itong lalo sa mga lider at manggagawa: Kung hindi sila nagdadala ng pasanin, maisasakatuparan ba nila ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Talagang hindi.

Hindi Nagsusubaybay o Nagbibigay ng Direksyon ang mga Huwad na Lider Tungkol sa Gawain

Kakatalakay pa lang natin ng aspektong ito ng ikalimang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “manatiling mayroong kaalaman at pagkaunawa tungkol sa estado ng bawat aytem ng gawain.” Sa pagtalakay sa aspektong ito, inilantad natin ang ilang espesipikong pagpapamalas ng mga huwad na lider, gayundin ang pagkatao at katangian nila. Ngayon, tingnan natin ang “pagpapanatili ng pagkakaroon ng kaalaman at pagkaunawa tungkol sa pag-usad ng bawat aytem ng gawain.” Siyempre, medyo nauugnay ang pag-usad ng gawain sa estado ng gawain, medyo malapit ang

kaugnayan. Kung hindi mapapanatili ng isang tao ang pagkaunawa at kaalaman tungkol sa estado ng isang aytem ng gawain, hindi rin niya mapapanatili ang pagkaunawa at kaalaman tungkol sa pag-usad ng gawain. Halimbawa, kung paano ang pag-usad ng gawain, hanggang sa anong yugto ito umusad, kung ano ang mga kalagayan ng mga tao na kasangkot, kung may anumang mga paghihirap sa mga propesyonal na aspekto, kung may anumang bahagi ng gawain na hindi tumutugon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, kung ano ang mga resultang nakamit, kung natututo ba ang sinumang mga manggagawa na hindi masyadong mahusay sa mga propesyonal na aspekto ng gawain, kung sino ang nag-oorganisa ng pagkatuto, kung ano ang natututunan nila, kung paano sila natututo, at iba pa—nauugnay ang lahat ng espesipikong isyung ito sa pag-usad. Halimbawa, hindi ba't napakaimportante ng gawain ng pagkatha ng mga himno? Sa isang himno, mula sa unang pagpili ng mahahalagang sipi ng mga salita ng Diyos hanggang sa pagkumpleto ng komposisyon, anong mga espesipikong gampanin ang kinakailangang gawin sa prosesong ito? Una, kinakailangang pumili ng mahahalagang sipi ng mga salita ng Diyos na akma para maging mga himno, at dapat nasa angkop na haba rin ang mga ito. May kinalaman ang ikalawang hakbang sa pagpapasya kung aling estilo ng melodiya ang naaangkop sa sipi para gawin itong kaaya-aya at kasiya-siyang kantahin. Pagkatapos, dapat hanapin ang mga tamang tao na kakanta sa himno. Hindi ba't mga espesipikong gampanin ang mga ito? (Oo.) Pagkatapos makatha ang isang himno, hindi man lang nagsisiyasat ang huwad na lider tungkol sa kung kalipikado ang komposisyon o angkop ang estilo. Ang kompositor, na napapansin ang kawalan ng pangangasiwa, ay personal na nararamdamang sapat na ito at nagpapatuloy sa pagrekord nito. Ang sipi ng mga salita ng Diyos na inaabangan ng lahat ng tao na gawing isang himno ay nilapatan na ng musika at ginawa nang isang himno sa wakas, pero tingin ng karamihan ay may mga kapintasan pa rin ito kapag kinakanta. Anong problema ang lumilitaw? Hindi pasado sa inaasahan ang himno: Nairekord ito sa kabila ng kakulangan ng melodiya at dating. Pagkatapos itong pakinggan, nagtatanong ang huwad na lider, "Sino ang kumatha ng himnong ito? Bakit ito inirekord?" Sa sandaling itanong niya ang katanungang ito, hindi bababa sa isang buwan ang lumipas na. Sa buwan na ito, hindi ba't dapat sinubaybayan at maagap na inalam ng lider ang pag-usad ng gawaing ito? Halimbawa, kumusta ang pag-usad ng komposisyon? Tinukoy ba ang pangunahing himig? Nagkaroon ba ito ng melodiya? Tumugma ba sa mga salita ng Diyos ang melodiya at estilo ng himnong ito? Nakatulong ba sa paggabay ang mga indibidwal na may nauugnay na karanasan? Matapos itong mabuo, maaari bang kantahin ang himnong ito nang malawakan? Ano ang magiging epekto nito? Maituturing bang maganda ang himig? Palaging bigo ang huwad na lider na subaybayan ang mga usaping tulad nito. At may isa siyang dahilan sa hindi pagsubaybay: "Hindi ko nauunawaan ang pagkatha ng himno. Paano ko masusubaybayan ang isang bagay na hindi ko nauunawaan? Imposible ito." Isa bang lehitimong dahilan ito? (Hindi.) Hindi ito isang lehitimong dahilan; kung gayon, kaya ba ng isang taong hindi pamilyar sa paggawa ng mga

himno na magsubaybay pa rin? (Oo.) Paano siya dapat sumubaybay? (Puwede siyang makipagtulungan sa mga kapatid, at suriin ang melodiya ayon sa mga prinsipyo para tingnan kung angkop ito; puwede niyang praktikal na subaybayan ang gawain, sa halip na maghugas-kamay rito.) Ang pangunahing katangian ng gawain ng mga huwad na lider ay pagdadaldal tungkol sa doktrina at pag-uulit ng mga islogan. Matapos ilabas ang kanilang mga utos, naghuhugas-kamay na lang sila tungkol sa bagay na iyon. Hindi sila nagtatanong tungkol sa sumunod na pag-unlad ng gawain; hindi nila itinatanong kung nagkaroon ng anumang mga problema, paglihis, o paghihirap. Itinuturing nilang tapos na ang kanilang trabaho sa sandaling italaga nila ang gawain. Sa katunayan, bilang isang lider, matapos isaayos ang gawain, dapat mong subaybayan ang pag-usad ng gawain. Kahit hindi ka pamilyar sa larangang iyon ng gawain—kahit wala kang anumang kaalaman tungkol dito—makakahanap ka ng paraan para magawa ang gawain mo. Makakahanap ka ng isang taong tunay na nakakaarok dito, na nakakaunawa sa naturang propesyon, para magsuri at magbigay ng mga mungkahi. Mula sa kanilang mga mungkahi matutukoy mo ang angkop na mga prinsipyo, kaya magagawa mong subaybayan ang gawain. Pamilyar ka man o hindi o nauunawaan mo man o hindi ang propesyong pinag-uusapan, sa pinakamababa ay kailangan mong pangunahan ang gawain, subaybayan ito, at patuloy na mag-usisa at magtanong tungkol sa pag-usad nito. Kailangan mong magkaroon ng pagkaintindi tungkol sa gayong mga bagay; ito ang responsabilidad mo, bahagi ito ng iyong trabaho. Ang hindi pagsubaybay sa gawain, hindi paggawa ng higit pa sa sandaling naitalaga na ito, ang paghuhugas-kamay mo rito—ito ang paraan ng mga huwad na lider sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ang hindi pagsusubaybay o pagbibigay ng direksiyon sa gawain, hindi pag-uusisa o paglulutas sa mga isyung lumilitaw, at hindi pag-aarok sa pag-usad o kahusayan ng gawain—mga pagpapamalas din ang mga ito ng mga huwad na lider.

Hindi Gumagawa ng Tunay na Gawain ang mga Huwad na Lider, na Siyang Nagpapaantala sa Pag-usad ng Gawain

Dahil hindi inaalam ng mga huwad na lider ang tungkol sa pag-usad ng gawain, at dahil hindi nila kayang agad na matukoy—lalo na nilang hindi kayang malutas—ang mga problemang lumilitaw rito, madalas humahantong ito sa paulit-ulit na mga pagkaantala. Sa ilang gawain, dahil hindi naiintindihan ng mga tao ang mga prinsipyo at walang sinumang angkop na maging responsable para dito o mamahala rito, ang mga nagsasagawa ng gawain ay kadalasang negatibo, pasibo, at naghihintay, na lubhang nakakaapekto sa pagsulong ng gawain. Kung natupad ng mga lider ang kanilang mga responsabilidad—kung pinamahalaan nila ang gawain, isinulong ito, pinangasiwaan ito, at naghanap ng isang taong nakakaunawa sa larangang iyon para patnubayan ang gawain, sumulong sana nang mas mabilis ang gawain kaysa dumanas ng paulit-ulit na mga pagkaantala. Kung gayon, para sa mga lider, mahalagang maunawaan at maarok ang estado ng gawain. Siyempre pa, talagang kinakailangan din na maunawaan at

maarok ng mga lider kung paano umuusad ang gawain, sapagkat ang pag-usad ay nauugnay sa kahusayan ng gawain at mga resulta na dapat nitong makamtan. Kung ang mga lider at manggagawa ay walang pagkaunawa sa kung paano umuusad ang gawain ng iglesia, at hindi nila sinusubaybayan o pinangangasiwaan ang mga bagay, kung gayon, tiyak na magiging mabagal ang pag-usad ng gawain ng iglesia. Ito ay dahil sa katunayan na ang karamihan sa mga taong gumagawa ng mga tungkulin ay lubhang salaula, walang pagpapahalaga sa pasanin, at madalas na negatibo, pasibo, at pabasta-basta. Kung walang sinuman ang may pagpapahalaga sa pasanin at kapabilidad sa gawain ang umaako ng responsabilidad sa gawain sa kongkretong paraan, napapanahon na inaalam ang tungkol sa pag-usad ng gawain, at ginagabayan, pinangangasiwaan, dinidisiplina, at pinupungusan ang mga tauhang gumagawa ng mga tungkulin, kung gayon ay likas na magiging napakababa ng antas ng kahusayan sa gawain at magiging napakababa ng mga resulta sa gawain. Kung hindi man lang ito malinaw na nakikita ng mga lider at manggagawa, sila ay mga hangal at bulag. Kaya naman, dapat na agad na siyasatin, subaybayan, at arukin ng mga lider at manggagawa ang pag-usad ng gawain, siyasatin kung anong mga problema ng mga taong gumagawa ng mga tungkulin ang kailangang malutas, at unawain kung aling mga problema ang dapat lutasin para magkamit ng mas magagandang resulta. Napakahalaga ng lahat ng bagay na ito, dapat maging malinaw ang mga bagay na ito sa isang taong gumaganap bilang lider. Upang magawa nang maayos ang iyong tungkulin, hindi ka dapat tumulad sa isang huwad na lider, na gumagawa ng mababaw na gawain, at pagkatapos ay iisipin niyang nagawa niya nang maayos ang kanyang tungkulin. Walang ingat at pabaya ang mga huwad na lider sa gawain nila, wala silang pagpapahalaga sa responsabilidad, hindi nila nilulutas ang mga problema kapag lumilitaw ang mga ito, at kahit ano pang gawain ang ginagawa nila, mababaw lang nila iyong naiintindihan at hinaharap nang pabasta-basta ang mga ito; nagsasabi lang sila ng mga salitang matayog pakinggan, naglilitanya sila ng mga doktrina at pananalitang walang kabuluhan, at iniraraos lang nila ang gawain nila. Sa pangkalahatan, ito ang kalagayan kung paano gumagawa ng gawain ang mga huwad na lider. Bagama’t kung ikukumpara sa mga anticristo, walang ginagawang lantarang masama ang mga huwad na lider at hindi sadyang gumagawa ng masama, kung titingnan mo ang pagiging epektibo ng kanilang gawain, patas na ilarawan sila bilang pabasta-basta, hindi nagdadala ng pasanin, bilang iresponsable at walang katapatan sa tungkulin nila.

Katatapos pa lang natin ngayon na magbahaginan tungkol sa mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain, at hindi inuunawa at inaalam ang pag-usad ng bawat aytem ng gawain. Tungkol sa mga problema at paghihirap na lumilitaw sa gawain ng iglesia, totoo rin na hindi lang talaga pinapansin ng mga huwad na lider ang mga ito o nagbubulalas lang sila ng kaunting doktrina at nanggagaya ng ilang islogan para ipagwalang-bahala ang mga ito. Sa lahat ng aytem ng gawain, hindi sila kailanman makikitang pumupunta mismo sa lugar ng gawain para subukang unawain at subaybayan

ang gawain. Hindi sila makikitang nagbabahagi tungkol sa katotohanan para malutas ang mga problema roon, at lalo pa ngang hindi sila makikitang personal na nagdidirekta at nangangasiwa sa gawain, para pigilang magkaroon ng mga kapintasan at paglihis dito. Ito ang pinakamalinaw na pagpapamalas ng pabasta-bastang paraan kung saan gumagawa ang mga huwad na lider. Bagama't ang mga huwad na lider, hindi tulad ng mga anticristo, ay hindi naglalayong gambalain at guluhin ang gawain ng iglesia, ni hindi sila gumagawa ng iba't ibang kasamaan at nagtatatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian, nagdudulot ng mga napakalaking hadlang sa gawain ng iglesia ang iba't ibang pabasta-bastang pag-uugali nila, kaya walang-katapusang lumilitaw at hindi nalulutas ang iba't ibang problema. Malubha itong nakakaapekto sa pag-usad ng bawat aytem ng gawain ng iglesia, at nakakaapekto sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos. Hindi ba't dapat itiwalag ang gayong mga huwad na lider? Hindi makagawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider—may malakas na simula ang anumang gawin nila pero unti-unti itong humihina sa huli. Isang tagapagsimula ng seremonya ang papel na ginagampanan nila: Nagbibigkas sila ng mga islogan at nangangaral ng mga doktrina, at kapag naitalaga na nila ang gawain sa iba at naisaayos na kung sino ang magiging responsable rito, tapos na sila. Pareho sila sa nakakabinging malalakas na ispiker na nakikita sa mga rural na bahagi ng Tsina—hanggang dito lamang ang papel na ginagampanan nila. Gumagawa lang sila ng kaunting panimulang gawain; para sa natitirang bahagi ng gawain, hindi sila makikita kahit saan. Para naman sa mga espesipikong tanong tulad ng kung kumusta ang pagsulong ng bawat aytem ng gawain, kung naaayon ba ito sa mga prinsipyo, at kung epektibo ba ito—hindi nila alam ang mga sagot. Hindi sila kailanman malalimang nakikisalamuha sa mga pinakamababang antas at bumibisita sa lugar ng gawain para unawain at alamin ang pag-usad at mga detalye ng bawat aytem ng gawain. Samakatwid, maaaring hindi naglalayon ang mga huwad na lider na magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, o gumawa ng iba't ibang kasamaan sa panahon ng panunungkulan nila bilang mga lider, pero, sa katunayan, pinaparalisa nila ang gawain, inaantala ang pag-usad ng bawat aytem ng gawain ng iglesia, at ginagawang imposible para sa mga hinirang ng Diyos na magampanan nang maayos ang mga tungkulin ng mga ito at magkamit ng buhay pagpasok. Sa ganitong paraan ng paggawa, paano nila posibleng maaakay ang mga hinirang ng Diyos sa tamang landas ng pananalig sa Diyos? Ipinapakita nito na hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain ang mga huwad na lider. Hindi nila nasusubaybayan ang gawaing sila dapat ang responsable o naibibigay ang wastong paggabay at pangangasiwa para matiyak na normal ang pag-usad ng gawain ng iglesia; nabibigo silang gampanan ang mga nilalayong tungkulin ng mga lider at manggagawa, at hindi nila nagagampanan ang katapatan o mga responsabilidad nila. Nagpapatunay ito na hindi tapat ang mga huwad na lider sa kung paano nila ginagampanan ang mga tungkulin nila, na pabasta-basta lang sila; nililinlang nila kapwa ang mga hinirang ng Diyos at ang Diyos Mismo, at naaapektuhan at hinahadlangan nila ang pagsasagawa ng Kanyang kalooban. Kitang-kita ng lahat

ang katunayang ito. Maaaring ang isang huwad na lider ay talagang hindi sapat na mahusay para sa gawain; maaari ding tinatakasan niya ang gawain niya at sinasadyang magpabasta-basta. Alinman sa dalawa, nananatiling tunay na ginugulo niya ang gawain ng iglesia. Wala ni kaunting pag-usad ang nagagawa sa bawat aytem ng gawain ng iglesia, at nananatiling hindi nalutas ang isang bunton ng naipong problema sa loob ng mahabang panahon. Hindi lang nito naaapektuhan ang pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo, kundi malubha rin nitong hinahadlangan ang buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos. Sapat ang mga katunayang ito para ipakita na hindi lang sa hindi kaya ng mga huwad na lider na gumawa ng tunay na gawain, kundi nagiging mga balakid din sila sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, at mga hadlang sa pagsasagawa ng kalooban ng Diyos sa iglesia.

Hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider at hindi nila kayang maglutas ng mga tunay na problema. Hindi lang nito naaantala ang pag-usad ng gawain at naaapektuhan ang mga resulta nito, kundi nagdudulot rin ito ng malulubhang kawalan sa gawain ng iglesia, inaaksaya ang maraming manggagawa, materyal na kagamitan, at mapagkukunang pinansiyal. Samakatwid, dapat bayaran ng mga huwad na lider ang mga ekonomikong kawalan. Sinasabi ng ilang tao, “Kung dapat na bayaran ng mga lider at manggagawa ang mga kawalang idinulot ng hindi nila paggampan ng gawain nila nang maayos, walang sinuman ang magnanais na maging isang lider o manggagawa.” Hindi kalipikadong maging mga lider o manggagawa ang gayong mga iresponsableng tao. Iyong mga walang konsensiya o katwiran ay masasamang tao—hindi ba’t nakakabagabag ito kung gusto ng masasamang tao na maging mga lider at manggagawa? Dahil may kinalaman sa mga ekonomikong gastusin ang karamihan sa gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi ba’t kinakailangang kuwentahin ang mga ito? Puwede bang aksayahin at lustayin ng mga tao ang mga handog para sa Diyos ayon sa gusto nila? Anong karapatan mayroon ang mga lider at manggagawa para lustayin ang mga handog para sa Diyos? Dapat pagbayaran ang pagdudulot ng ekonomikong kawalan; ganap itong likas at may katwiran, at ito ay hindi maikakaila ng sinuman. Halimbawa, sabihin nang may isang trabaho na maaaring makumpleto ng isang tao sa isang buwan. Kung aabutin ng anim na buwan para magawa ang trabahong ito, hindi ba’t maituturing na kawalan ang mga gastusin sa natitirang limang buwan? Hayaan ninyo Akong magbigay ng isang halimbawa tungkol sa pangangaral ng ebanghelyo. Sabihin nang handa ang isang tao na saliksikin ang tunay na daan at maaari siyang mahikayat sa isang buwan lang, pagkatapos ay papasok siya sa iglesia at patuloy na tatanggap ng pagdidilig at pagtutustos, at sa loob ng anim na buwan maaari siyang makapagtatag ng pundasyon. Pero kung ang saloobin ng taong nangangaral ng ebanghelyo sa usaping ito ay saloobin ng pagwawalang-bahala at pagiging pabasta-basta, at binabalewala rin ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila, at sa huli ay aabutin ng kalahating taon para mahikayat ang taong iyon, hindi ba’t katumbas ng kalahating taon na ito ang magiging kawalan sa buhay niya? Kung mahaharap siya sa malalaking sakuna at hindi

pa siya nakapagtatag ng pundasyon sa tunay na daan, malalagay siya sa panganib, at hindi ba't mabibigo siya ng mga taong iyon kung gayon? Ang gayong kawalan ay hindi masusukat sa pera o mga materyal na bagay. Kung naantala ang pagkaunawa ng taong iyon sa katotohanan nang kalahating taon, at naantala ang pagtatatag niya ng pundasyon at ang pagsisimula niya sa paggampan ng tungkulin niya nang kalahating taon, sino ang mananagot para dito? Kaya bang akuin ng mga lider at manggagawa ang pananagutan para dito? Walang sinuman ang kayang pasanin ang pananagutan para sa pag-antala sa buhay ng isang tao. Dahil walang makakapasan sa pananagutan na ito, ano ang angkop na gawin ng mga lider at manggagawa? Anim lang na salita: Gawin ang abot ng makakaya ninyo. Gawin ang abot ng makakaya ninyo para gawin ang ano? Para tuparin ang sarili ninyong mga responsabilidad, gawin ang lahat ng makikita ninyo gamit ang sarili ninyong mga mata, mag-isip sa inyong isipan, at magkamit gamit ang sarili ninyong kakayahan. Ito ang paggawa sa abot ng makakaya ninyo, ito ay pagiging tapat at responsable, at ito ang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa. Hindi itinuturing ng ilang lider at manggagawa ang pangangaral ng ebanghelyo bilang isang seryosong usapin. Iniisip nila, "Maririnig ng mga tupa ng Diyos ang tinig ng Diyos. Pagpapalain ang sinumang nagsisiyasat at tumatanggap; hindi pagpapalain ang sinumang hindi magsisiyasat at tatanggap, at nararapat na mamatay sa isang sakuna!" Hindi nagpapakita ng pagsasaalang-alang ang mga huwad na lider sa mga layunin ng Diyos, at hindi sila nagdadala ng pasanin para sa gawain ng ebanghelyo; hindi rin sila umaako ng pananagutan para sa mga baguhan na kakapasok lang sa iglesia, at hindi nila sineseryoso ang buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos—palagi silang nakatuon sa pagpapasasa sa mga pakinabang ng katayuan nila. Gaano man karaming tao ang magsiyasat sa tunay na daan, hindi talaga sila nakakaramdam ng pagkabalisa, palaging may isang mentalidad ng pagraraos ng gawain, kumikilos tulad ng isang retiradong emperador o isang opisyal. Gaano man kahalaga o kaapurahan ang gawain, hindi sila kailanman nagpapakita sa eksena, at hindi sila nagtatanong at hindi nila inuunawa ang sitwasyon ng gawain, o hindi nila sinusubaybayan ang gawain at nilulutas ang mga problema. Nagsasaayos lang sila ng mga gampanin at iniisip na ganap nang tapos ang trabaho nila, at naniniwala silang maituturing na ito na paggawa ng gawain. Hindi ba ito pagiging pabasta-basta? Hindi ba ito panlilinlang kapwa sa mga nasa itaas at ibaba nila? Angkop ba ang gayong mga lider at manggagawa para gamitin ng Diyos? Hindi ba't katulad lang sila ng mga opisyal ng malaking pulang dragon? Iniisip nila, "Ang pagiging isang lider o manggagawa ay parang paghawak lang ng isang katungkulan, at dapat tamasahin ng isang tao ang mga pakinabang ng katayuang ito. Ang pagkakaroon ng katungkulan ay nagbibigay sa akin ng pribilehiyong ito, na nagpapalaya sa akin mula sa pangangailangang dumalo sa lahat ng usapin. Kung palagi akong nasa eksena, nagsusubaybay ng gawain at umuunawa sa sitwasyon, talagang nakakapagod iyon, nakakapanliit! Hindi ko matatanggap ang gayong pagkapagod!" Ganito mismo gumawa ang mga huwad na lider at huwad na

manggagawa, nababahala lang sa pag-iimbot ng kaginhawahan at pagtatamasa ng mga pakinabang ng katayuan nang hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain, at ganap na walang anumang konsensiya o katwiran. Dapat talagang itiwalag ang gayong mga linta, at kahit na parusahan sila, nararapat ito sa kanila! Sa kabila ng maraming taon ng paggawa ng gawain ng iglesia, hindi alam ng ilang lider at manggagawa kung paano ipangaral ang ebanghelyo, lalong hindi nila alam kung paano magpatotoo. Kung hihilingin mo sa kanila na magbahagi tungkol sa lahat ng katotohanan ukol sa mga pangitain ng gawain ng Diyos sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, hindi nila ito kaya. Kapag tinanong sila, “Ni minsan ba ay nagsumikap kang sangkapan ang sarili mo gamit ang katotohanan ng mga pangitain?” mag-iisip-isip ang mga huwad na lider, “Bakit dapat akong magsumikap nang gayon? Sa mataas kong katayuan, hindi para sa akin ang gampaning iyon; maraming iba ang gagawa nito.” Sabihin mo sa Akin, anong uri ng mga nilalang sila? Ginagawa na nila ang gawain ng iglesia sa loob ng maraming taon, pero hindi nila alam kung paano ipangaral ang ebanghelyo. At pagdating sa pagpapatotoo, kinakailangan nilang maghanap ng isang tagapangaral ng ebanghelyo na gagawa nito para sa kanila. Kung, bilang isang lider o manggagawa, hindi mo kaya na ipangaral ang ebanghelyo, magpatotoo, o makipagbahaginan sa mga tao tungkol sa mga katotohanan patungkol sa mga pangitain, ano ang kaya mong gawin? Ano ang mga responsabilidad mo? Naisakatuparan mo na ba ang mga ito? Hindi ba iniraraos mo lang ang kung ano na ang mayroon ka? Ano ba ang mayroon ka? Sino ang nagpahintulot sa iyo na magparaos sa kung ano na ang mayroon ka? Ni hindi man lang nagmasid at nakinig kailanman ang ilang superbisor ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo sa iba na nangangaral ng ebanghelyo. Ayaw nilang makinig; hindi sila puwedeng abalahin, matrabaho ito sa tingin nila, at wala silang pasensiya. Mga lider sila, hindi mo ba alam—mga opisyal, walang iba—kaya hindi nila ginagawa ang mga espesipikong gampaning ito; ipinapagawa nila ang mga ito sa mga kapatid. Ipagpalagay nang nakatagpo ang ilang manggagawa ng ebanghelyo ng isang taong mataas ang kakayahan, na humaharap sa lahat ng bagay nang may pagkataimtim, at na nagnanais na maunawaan ang ilang espesipikong katotohanan tungkol sa mga pangitain. Hindi kaya ng mga manggagawa ng ebanghelyo na magbahagi nang ganap na malinaw, kaya hinihiling nila sa mga lider nila na gawin ito. Natatagpuan ng mga lider ang sarili nila na walang masabi, at nagdadahilan pa nga, sinasabi na, “Hindi ko pa kailanman nagawa ang ganitong gawain mismo. Kayo na ang gumawa nito; susuportahan ko kayo. Kung lilitaw ang anumang mga problema, tutulungan ko kayong ayusin ang mga ito; susuportahan ko kayo. Huwag kayong mag-alala. Ano ang katatakutan natin kapag kasama natin ang Diyos? Kapag hinahanap ng isang tao ang tunay na daan, maaari kayong magpatotoo o magbahagi tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain. Responsable lang ako para sa pagbabahagi tungkol sa mga katotohanan ng buhay pagpasok. Ang gawain ng pagpapatotoo ay mabigat ninyong pasanin na dapat ninyong dalhin, huwag kayong umasa sa akin.” Sa tuwing darating ang napakahalagang sandali ng pagpapatotoo sa pangangaral

ng ebanghelyo, nagtatago sila. Alam na alam nilang wala sila ng katotohanan, kaya bakit hindi sila nagsusumikap na sangkapan ang mga sarili nila nito? Gayong alam na alam nila na wala sila ng katotohanan, bakit palagi silang desperadong nagsusumikap na maging mga lider? Wala silang anumang talento, at gayunman ay may lakas sila ng loob na kumuha ng anumang opisyal na posisyon—kukunin pa nga nila ang papel ng emperador kung hahayaan mo sila—masyado silang walang-hiya! Anuman ang antas ng pamumuno na hinahawakan nila, hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, pero nangangahas silang tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan nang walang nararamdamang anumang pagkakonsensiya. Hindi ba't sila ay mga taong ganap na walang kahihiyan? Katanggap-tanggap pa kung hiniling sa iyo na magsalita sa isang wikang banyaga at hindi mo kaya; pero dapat posible ang pagbabahagi ng mga katotohanan ng pangitain at ng mga layunin ng Diyos sa wikang katutubo mo, hindi ba? Maaaring pagbigyan ang mga taong tatlo hanggang limang taon pa lang na nanampalataya sa kawalan nila ng kakayahang magbahagi tungkol sa katotohanan. Pero ang ilan ay halos 20 taon nang nananampalataya sa Diyos at kahit papaano ay hindi pa rin nila kayang magbahagi tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain—hindi ba't mga walang-silbing indibidwal ang gayong mga tao? Hindi ba't mga wala silang kuwenta? Nagigilalas Akong marinig na nananampalataya sa Diyos ang isang tao sa loob ng marami nang taon, pero hindi niya alam kung paano magbahagi tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain. Ano ang nararamdaman ninyong lahat pagkatapos marinig ito? Hindi ba't mahirap itong paniwalaan? Paano nila ginagawa ang gawain nila sa lahat ng taon na ito? Kapag hiniling sa kanila na magbigay ng paggabay para sa paggawa ng musika, hindi nila alam kung paano, at sinasabing masyadong mahirap ang bahaging ito ng pagkadalubhasa, na hindi ito isang bagay na mauunawaan ng karaniwang tao. Kapag hiniling sa kanila na magbigay ng paggabay sa gawain ng paggawa ng obra, o sa gawain ng paggawa ng pelikula, sinasabi nilang kinakailangan ng mga trabahong ito ang napakataas na antas ng teknikal na kasanayan para mapangasiwaan nila. Kapag hinihiling sa kanila na magsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, sinasabi nilang masyadong mababa ang antas ng kanilang pinag-aralan at hindi nila alam kung paano isulat ang mga ito, at na hindi sila kailanman nagsanay rito. Kung hindi nila kayang gawin ang ganitong mga uri ng trabaho, mapapatawad ito, pero likas na bahagi ng tungkulin nila ang gawain ng ebanghelyo. Labis silang pamilyar sa gawaing ito—hindi ba't madali dapat ito para sa kanila? Ang pinakamahalagang aspekto ng pagbabahagi tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain ay ang malinaw na pagbabahagi tungkol sa katotohanan ng tatlong yugto ng gawain. Sa una, walang gaanong karanasan ang mga tao sa paggawa nito at maaaring hindi nila maibahagi iyon nang mabuti, pero sa pagsasanay nito sa paglipas ng panahon, nakakaya nilang maging mas mahusay sa pakikipagbahaginan habang lalo nilang ginagawa ito, na nakakaya nilang magsalita sa isang organisadong paraan, nang may tumpak at malinaw na wika, at mahusay na paraan ng pagpapahayag. Hindi ba't isa

itong partikular na bahagi ng gawain ng pagkadalubhasa na dapat maging eksperto ang mga lider? Hindi ito tulad ng pagpipilit sa isang isda na mamuhay sa lupa, hindi ba? (Hindi, hindi nga.) Pero walang kakayahan ang gayong mga huwad na lider para gawin maging ang kaunting gawaing ito. At gayunman, nagseserbisyo pa rin sila bilang mga lider? Ano pa ang ginagawa nila sa posisyong iyon? Sinasabi ng ilang tao, “Isa akong tao na may magulo at hindi malinaw na pag-iisip, walang lohika, at hindi ako ganoon kahusay sa pagsasalita tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain.” Kung gayon ang kaso, kaya mo bang tukuyin at lutasin ang iba’t ibang kapintasan at paglihis na nangyayari sa gawain ng ebanghelyo? Kung hindi mo natutukoy ang mga ito, tiyak na hindi mo rin malulutas ang mga ito. Kapag ang mga huwad na lider ang namamahala sa gawain ng ebanghelyo, wala silang anumang papel na ginagampanan sa pagsusuri at pangangasiwa; hinahayaan lang nilang gawin ng mga nasa ilalim nila ang nais ng mga ito, kaya nagagawa ng sinuman ang mga bagay ayon sa gusto niya, at nangangaral sa sinumang gusto niya—ganap na walang mga prinsipyo o pamantayan na inilalapat. Kumikilos nang padalos-dalos ang ilang tao, nang walang katwiran at lalong walang mga prinsipyo kapag gumagawa sila ng bagay-bagay, at walang pakundangang nagsasagawa ng mga maling gawa. Ganap na nabibigo ang mga huwad na lider na makita o matukoy ang mga isyung ito.

Sinasabi na sa Timog Amerika at Aprika, dinala ang ilang maralita sa loob ng kawan sa pamamagitan ng gawain ng ebanghelyo. Walang regular na kinikita ang mga taong ito, at nagdudulot ng mga problema maging ang pagkuha ng sapat na pagkain at ang pamumuhay. Kaya, ano ang dapat gawin? May mga lider na nagsabi, “Layunin ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan, at para maligtas, dapat munang magkaroon ng sapat na makakain ang isang tao, tama ba? Hindi ba’t dapat magbigay ng ayuda ang sambahayan ng Diyos kung gayon? Kung nananampalataya sila sa Diyos, puwede tayong mamahagi ng ilang aklat ng mga salita ng Diyos sa kanila. Wala silang mga kompyuter o telepono, kaya ano ang dapat nating gawin kung hihilingin nilang gumampan ng mga tungkulin? Magsagawa kayo ng ilang pagtatanong, tingnan ninyo kung taos-puso silang handang gumampan ng mga tungkulin.” Sa pagtatanong-tanong, natuklasan na kasalukuyang walang pera ang mga taong ito, pero kung may pera sila at mabubusog sa pagkain, magiging handa silang humayo at ipangaral ang ebanghelyo at gampanan ang tungkulin nila. Matapos maunawaan ang mga sitwasyong ito, nagsimulang mamahagi ang mga lider ng mga pondong pantulong, ibinibigay ang mga ito buwan-buwan. Ang pagkain at matutuluyan, at maging ang mga bayad sa internet, at ang pagbili ng mga telepono, kompyuter, at iba pang kasangkapan para sa mga taong ito ay binayarang lahat gamit ang pera ng sambahayan ng Diyos. Ang pamamahagi ng pera sa mga taong ito ay hindi naglayong ipalaganap ang gawain ng ebanghelyo, kundi sa halip, naglayon itong magbigay ng ayuda para sa pamumuhay nila. Naaayon ba ito sa mga prinsipyo? (Hindi, hindi naaayon.) May panuntunan ba ang sambahayan ng Diyos na, kapag nangangaral ng ebanghelyo at nakakatagpo ng mga maralitang walang

kabuhayan, basta't kaya nilang tanggapin ang yugtong ito ng gawain, dapat silang bigyan ng tulong? May ganoon bang prinsipyo? (Wala.) Kung gayon, sa anong prinsipyo namahagi ang mga lider na ito ng mga pondong pantulong sa kanila? Dahil ba ito sa akala nila na may pera ang sambahayan ng Diyos pero walang mapaggugugulan nito, o dahil ba itinuring nila ang mga taong ito bilang masyadong kaawa-awa, o ito ba ay sa pag-asang tutulong ang mga taong ito na ipalaganap ang ebanghelyo? Ano nga ba ang mismong intensyon nila? Ano ang sinusubukan nilang makamit? Pagdating sa pamamahagi ng mga telepono, kompyuter, at mga gastusin sa pamumuhay, nagpakita sila ng matinding kasigasigan; ikinagalak nilang makibahagi sa gayong gawain na nagbigay ng benepisyo sa iba, dahil pinahintulutan sila nitong makakuha ng pabor sa mga taong ito at makuha ang loob ng mga ito, at partikular silang gumugol sa ganitong mga uri ng gampanin, lalong nagpapatuloy at wala ni katiting na kahihiyan. Paggamit ito ng pera ng Diyos para makakuha ng pabor sa mga tao at bilhin ang pagmamahal ng mga ito. Sa katunayan, hindi tunay na nananampalataya sa Diyos ang mga maralitang ito; binubusog lang nila ang mga sikmura nila at humahanap ng paraan para makapaghanap-buhay. Hindi naglalayon ang gayong mga tao na makamit ang katotohanan o kaligtasan. Ililigtas ba ng Diyos ang mga taong ito? Ang ilan, kahit na handa silang gampanan ang isang tungkulin, ay hindi naging taos-puso, kundi sa halip, ay naudyukan ng pagnanais para sa mga telepono at kompyuter, para sa mga kaginhawahan sa buhay. Pero walang pakialam dito ang mga huwad na lider; hangga't handa ang isang tao na gumawa ng tungkulin, inaalagaan siya ng mga huwad na lider, hindi lang sa pagbibigay ng pera para sa tirahan at pagkain, kundi pati na rin sa pagbili ng mga kompyuter, telepono, at iba't ibang kasangkapan. Pero lumabas na ginampanan ng mga taong ito ang mga tungkulin nila nang walang nakakamit na anumang epekto o anupaman. Hindi ba't nagtatapon lang ng pera ang mga huwad na lider? Hindi ba't ginagamit nila ang pera ng sambahayan ng Diyos para ipakita ang pagkabukas-palad nila? (Oo.) Ito ba ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Hindi ba't mga huwad na lider ito? Mahilig magkunwaring mabuti, maganda ang kalooban, at mabait ang mga huwad na lider. Kung gusto mong magpakita ng kabaitan, ayos lang, gamitin mo lang ang sarili mong pera! Kung wala silang damit, tanggalin mo ang sarili mong damit at ibigay mo ito sa kanila; huwag mong gastusin ang mga handog para sa Diyos! Para sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ang mga handog para sa Diyos, hindi para sa pamamahagi ng mga benepisyong pangkapakanan, at tiyak na hindi para sa pagbibigay ng tulong sa mga maralita. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi isang institusyong pangkapakanan. Walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider, at mas lalong wala silang kakayahang magtustos ng katotohanan o ng buhay. Nakatuon lang sila sa paggamit ng mga handog para sa Diyos para mamahagi ng mga benepisyong pangkapakanan nang sa gayon ay makakuha sila ng pabor sa mga tao at mapanatili nila ang sarili nilang reputasyon at katayuan. Mga walang kahihiyang gastador sila, hindi ba? Kung matutuklasan ang gayong mga huwad na lider,

mailalantad at mapipigilan ba sila ng sinuman bago pa mahuli ang lahat? Walang sinuman ang nanindigan para pigilan sila. Kung hindi ito natuklasan at pinigilan ng ang Itaas, hindi sana natapos kailanman ang gawi na paggamit ng pera ng Diyos para magbigay ng mga benepisyo sa mga tao. Iniuunat ng mga maralitang iyon ang mga kamay nila nang palayo nang palayo, palaging nagnanais ng higit pa. Wala silang kasiyahan; gaano man karami ang ibinibigay mo, hindi kailanman ito sasapat. Iyong mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos ay kayang iwanan ang mga pamilya at karera nila para gampanan ang tungkulin nila upang maligtas sila, at kahit na humaharap sila sa mga paghihirap sa buhay, nakakahanap sila ng mga paraan para lutasin ang mga ito nang sila-sila lang, nang hindi palaging humihingi ng mga bagay-bagay mula sa sambahayan ng Diyos. Nilulutas nila kung ano ang kaya nila nang mag-isa, at para naman sa kung ano ang hindi nila kayang lutasin, nagdarasal sila sa Diyos at umaasa sa pananalig nila para dumanas. Iyong mga palaging nagmamakaawa sa Diyos, umaasang magbibigay ang sambahayan ng Diyos para sa mga gastusin nila sa pamumuhay at magtutustos sa kanila, ay ganap na walang katwiran! Ayaw nilang gampanan ang anumang tungkulin pero nais nilang magpakaligaya sa buhay, na ang alam lang ay ang iunat ang mga kamay nila para humingi ng mga bagay-bagay mula sa sambahayan ng Diyos, at kahit pagkatapos, hindi kailanman ito sumapat. Hindi ba sila mga namamalimos? At ang mga huwad na lider—ang mga hangal na ito—ay patuloy lang na nagbibigay ng mga benepisyo, at hindi tumitigil, patuloy na nagpapalugod ng mga tao para makuha ang pasasalamat nila, at iniisip pa nga nila na lumuluwalhati sa Diyos ang gayong mga kilos. Ito ang mga bagay na pinakakasiya-siyang ginagawa ng mga huwad na lider. Kaya, mayroon bang sinuman na makakatukoy sa mga isyung ito, na makakakilatis sa diwa ng mga problemang ito? Nagbubulag-bulagan ang karamihan sa mga lider, iniisip na, “Ano’t ano man, hindi ako ang namamahala sa gawain ng ebanghelyo, bakit ko dapat pakialaman ang mga bagay na ito? Hindi ko naman pera ang ginagastos. Hangga’t hindi nagagalaw ang pera sa sarili kong bulsa, ayos lang. Puwede kayong magbigay kung kanino ninyo gusto, ano ang kinalaman nito sa akin? Hindi rin naman napupunta sa pitaka ko ang perang iyon.” Marami ang gayong mga iresponsableng tao sa paligid, pero gaano karami ang may kakayahang magtaguyod sa gawain ng sambahayan ng Diyos?

Ngayon, isinasagawa na sa buong mundo ang gawain ng ebanghelyo sa ibayong dagat. May mas maraming tao ang ilang bansa na kayang tumanggap sa katotohanan, habang ang iba naman ay may mga populasyon ng mas mababang kakayahan, na nagreresultang mas kaunting tao na kayang tumanggap sa katotohanan. Walang kalayaan sa pananampalataya ang ilang bansa, na nagpapakita ng matinding paglaban sa tunay na daan at gawain ng Diyos, at hindi marami ang taong kayang tumanggap sa katotohanan. Dagdag pa rito, masyadong makaluma at may mahinang kakayahan ang populasyon ng ilang bansa na hindi nila maunawaan ang katotohanan paano man ito ibinahagi, at tila nagkukulang sa katotohanan ang mga tao roon. Hindi dapat ipangaral

ang ebanghelyo sa gayong mga lugar. Gayumpaman, nabibigo iyong mga nangangaral ng ebanghelyo na makita ang diwa ng problema; hindi sila nangangaral sa mga may kakayahang tanggapin ang katotohanan, sa halip ay iginigiit nila na hanapin ang mahihirap na kaso habang binabalewala ang mas madadali. Hindi sila nangangaral sa mga lugar kung saan ipinapalaganap na ang gawain ng ebanghelyo at kung saan madaling mangaral. Sa halip, iginigiit nilang ipangaral ang ebanghelyo roon sa mahihirap at mga makalumang lugar, ipangaral sa mga pangkat ng tao na may pinakamahinang kakayahan, na hindi kayang maarok ang katotohanan, at sa mga pangkat etnikong may mga pinakamabigat na kuru-kuro sa relihiyon at pinakamatinding paglaban sa Diyos. Hindi ba't isa itong paglihis? Gawin nating halimbawa ang Hudaismo at ang ilang relihiyong panlahi na may malalim na pagkakaugat, na tumuturing sa Kristiyanismo bilang isang kaaway at umuusig pa nga rito. Sa kaso ng ganitong mga uri ng mga bansa at pangkat etniko, hindi talaga dapat ipangaral ang ebanghelyo. Bakit hindi? Dahil walang saysay ang pangangaral. Kahit na ibuhos mo ang lahat ng lakas-tao, pinansiyal na kagamitan, at materyal na kagamitan, maaaring lumipas ang tatlo, lima, o maging sampung taon nang walang nakikitang anumang makabuluhang resulta. Batay sa sitwasyong ito, ano ang puwedeng gawin? Sa una, nang walang masyadong alam, puwedeng subukan ng isang tao; pero kapag nakikita na nang malinaw ang mga sitwasyon—na ang pangangaral ng ebanghelyo sa kanila sa malaking halaga ay maaaring hindi naman magbunga ng magagandang resulta sa huli—dapat pumili ang isang tao ng isa pang landas, isang landas na makakapagkamit ng mga resulta. Hindi ba't isa itong bagay na dapat makilatis ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Pero hindi ito nauunawaan ng mga huwad na lider. Pagdating sa kung saan magsisimulang ipalaganap ang ebanghelyo sa ibayong dagat, sinasabi ng ilan, "Simulan muna sa Israel. Dahil ang Israel ang pundasyon para sa unang dalawang yugto ng gawain ng Diyos, dapat itong ipangaral doon. Gaano man ito kahirap, dapat nating pilit na ipagpatuloy ang pangangaral sa kanila." Gayumpaman, pagkatapos ng mahabang panahon ng pangangaral, walang mga makabuluhang resulta, na humahantong sa pagkabigo. Ano ang dapat gawin ng mga lider sa panahong ito? Kung isa itong lider na may kakayahan at pasanin, sasabihin niya, "Walang prinsipyo ang pangangaral natin ng ebanghelyo; hindi natin alam kung paano makibagay sa sitwasyon, kundi tinitingnan lang natin ang mga bagay-bagay batay sa mga imahinasyon natin—masyado tayong walang-muwang! Hindi natin inasahan ang kahangalan, katigasan ng ulo, at kawalan ng katwiran ng mga taong ito. Inisip natin na dahil libo-libong taon na silang nananampalataya sa Diyos, sila dapat ang unang makarinig ng ebanghelyo ng Diyos, pero nagkamali tayo ng inisip; masyado silang di-makatwiran! Sa katunayan, noong ginagawa ng Diyos ang gawain ng pagtubos, sinukuan na Niya ang mga ito. Ang pagbalik at pangangaral natin sa kanila ngayon ay pakikibahagi sa isang walang saysay na pagsisikap; pagtatrabaho ito nang walang kabuluhan at pagkilos nang may kahangalan. Nagkamali tayo ng pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos. Hindi gumagawa ang Diyos sa usaping ito, kaya sa anong

paraan natin, bilang mga tao, magagawa ito? Sinubukan na natin ito, pero paano man tayo nangangaral, hindi nila tinatanggap ang tunay na daan. Dapat nating isuko ito sa ngayon, isantabi ang mga ito, at pansamantalang huwag pansinin ang mga ito. Kung may mga handang maghanap, tatanggapin natin sila at magpapatotoo tayo sa kanila tungkol sa gawain ng Diyos. Kung walang maghahanap, hindi natin sila kailangang hanapin nang maagap." Hindi ba't isa itong prinsipyo ng pangangaral ng ebanghelyo? (Oo.) Kung gayon, kaya bang sumunod ng isang huwad na lider sa mga prinsipyo? (Hindi.) May mahinang kakayahan ang mga huwad na lider at hindi nila kayang kilatisin ang diwa ng isyu; sasabihin nila, "Sinabi ng Diyos na ang mga Israelita ang Kanyang mga taong hinirang. Hindi natin sila kailanman puwedeng sukuan sa anumang oras. Dapat silang mauna; kailangan muna nating mangaral sa kanila bago tayo mangaral sa mga tao sa ibang mga bansa. Kung papalaganapin ang gawain ng Diyos sa Israel, isang dakilang kaluwalhatian iyon! Dinala ng Diyos ang kaluwalhatian mula Israel hanggang sa Silangan, at dapat nating dalhin ang kaluwalhatiang iyon pabalik sa Israel mula sa Silangan, at hayaan silang makita na nagbalik na ang Diyos!" Hindi ba't isa lang itong islogan? Naaayon ba ito sa mga katunayan? Ito ang sasabihin ng mga walang espirituwal na pang-unawa. Paano naman iyong mga huwad na lider na walang ginagawang tunay na gawain? Hindi nila pinapansin ang mga bagay na ito. Matagal nang nababagabag sa isyung ito ang mga taong nangangaral ng ebanghelyo, nahahati sa pagitan ng pagsuko at pagtuloy sa pangangaral, hindi sigurado kung paano magsasagawa. Ganap na walang kamalayan ang mga huwad na lider na isa itong problema. Nakikitang nag-aalala ang mga taong ito sa kawalan ng landas, sinasabi nila, "Ano ang dapat ninyong ipag-alala? Mayroon tayo ng katotohanan at patotoong batay sa karanasan; mangaral lang kayo sa kanila!" Sinasabi ng isa, "Hindi mo nauunawaan, talagang mahirap mangaral sa mga taong ito." Kapag lumilitaw sa gawain ang mahahalagang isyu na humihiling sa mga lider na lutasin ang mga ito, isinisigaw pa rin ng mga lider ang mga islogan at binibigkas ang mga hungkag na salita. Ito ba ang pag-uugaling inaasahan sa mga lider? Kapag tinatanong kung dapat pangaralan ang gayong mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, sinasabi nila, "Dapat pangaralan ang lahat, lalo na ang mga Israelita, dapat talaga silang pangaralan." May naririnig ba kayong anumang problema sa mga salitang ito? Alam ba nilang isa itong paglihis, isang kapintasan sa gawain ng ebanghelyo na kailangan nilang pangasiwaan? Walang alam ang mga walang kuwentang ito at nandoon pa rin sila na nagbubulalas ng matayog na wika at sumisigaw ng mga islogan, talagang mga wala silang kuwentang basura! At gayunman ay iniisip nilang matalas ang isipan nila, at na may kakayahan at matalino sila. Ni hindi man lang nila batid na lumitaw sa gawain ang gayong malaking kapintasan at paglihis; makakaya pa kaya nilang simulang lutasin ito? Mas malamang na hindi. Labis-labis na nag-aalala iyong lahat ng nangangaral ng ebanghelyo; naapektuhan, nahadlangan, at hindi makausad nang maayos ang gawain ng ebanghelyo, at nakakagulat na walang alam ang mga huwad na lider tungkol sa paglihis na nangyayari sa gawain. Kapag nahaharap sa mga problema o paglihis sa

gawain, ang karamihan sa mga tao ay kadalasang walang pakialam, hindi nakakapansin, at matigas pa rin ang ulo na nagpupumilit sa maling pamamaraan nang walang pakundangan at pagpipigil. Kung hindi rin maagap na mauunawaan at maaarok ng mga lider at manggagawa ang sitwasyon, sa oras na maging malubha na ang problema at naaapektuhan na nito ang pag-usad ng gawain, at magagawa nang matuklasan ng karamihan sa mga tao ang problema, natutulala ang mga lider at manggagawa. Dahil ito sa pagpapabaya sa responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kaya, paano nila maiiwasan ang gayong malulubhang kahihinatnan? Dapat na regular na suriin ng mga lider at manggagawa ang gawain, at maagap na unawain ang kasalukuyang estado at pag-usad ng gawain. Kung matutuklasang hindi mataas ang kahusayan sa gawain, dapat nilang tingnan kung aling bahagi ang may mga kapintasan at problema, at pagnilayan nila: “Sa ngayon, mukhang abala ang mga taong ito, pero bakit walang anumang malinaw na kahusayan? Tulad ng gawain ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo; napakaraming tao ang nangangaral ng ebanghelyo at nagpapatotoo araw-araw, kasama ang ilang tao na nakikipagtulungan sa gawaing ito, kaya bakit hindi marami ang taong nakakamit bawat buwan? Aling bahagi ang may problema? Sino ang nagdudulot ng problema? Paano nabuo ang paglihis na ito? Kailan ito nagsimula? Kailangan kong pumunta sa bawat pangkat para alamin kung ano ang ginagawa ng lahat ngayon, kung kumusta ang mga kasalukuyang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, at kung tumpak ba ang direksyon ng pangangaral ng ebanghelyo; kailangan kong alamin ang lahat ng ito.” Sa pamamagitan ng pagkokonsulta, pakikipagbahaginan, at pagtatalakay, unti-unting lumilinaw ang mga paglihis at kapintasan sa gawain. Sa sandaling matuklasan ang isang problema, hindi ito puwedeng pabayaan lang; dapat itong malutas. Kaya, anong uri ng mga lider ang kayang makatuklas ng ilang problema, paglihis, at kapintasan na lumilitaw sa gawain? Kinakailangang magdala ng pasanin ang mga lider na ito, at maging masigasig, at makisangkot sa bawat detalye ng partikular na gawain; subaybayan, unawain, at arukin ang bawat bahagi; tiyakin kung ano ang ginagawa ng lahat, kung anong bilang ng mga tao ang angkop para sa paggawa ng kung aling gampanin, kung sino ang mga superbisor, kung ano ang kakayahan ng mga taong ito, at kung ginagawa ba nila ang gawain nila nang maayos o hindi, at kung kumusta ang kahusayan nila, kung paano umuusad ang gawain, at iba pa—dapat tiyakin ang lahat ng bagay na ito. Dagdag pa rito, ang pinakamahalagang bahagi ng gawain ng ebanghelyo ay kung taglay ba ng mga tagapangaral ng ebanghelyo ang katotohanan o hindi, kung kaya ba nilang magbahagi nang malinaw tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain para malutas ang mga kuru-kuro at problema ng mga tao, kung kaya ba nilang tustusan ang kakulangan ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo para makumbinsi sila nang mabuti, at kung kaya nilang gumamit ng pang-usapang paraan sa pagbabahagi nila ng katotohanan, para mas marinig ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ang tinig ng Diyos. Halimbawa, kung gusto ng isang potensyal na tatanggap ng ebanghelyo na matuto tungkol sa mga katotohanan hinggil sa kabuluhan ng pagkakatawang-tao ng Diyos,

pero palaging nagsasalita ang isang partikular na tagapangaral ng ebanghelyo tungkol sa kabuluhan ng gawain ng Diyos at tungkol sa kung ano ang mga kuru-kurong panrelihiyon, hindi ba't problema ito? Kung gusto lang ng isang tao na malaman kung paano siya maliligtas at kung ano ang nilalaman ng plano ng pamamahala ng Diyos para iligtas ang sangkatauhan, hindi ba't ito ang panahon para magbahagi tungkol sa mga katotohanan ng pangitain hinggil sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos? (Oo.) Pero patuloy na nagsasalita ang tagapangaral ng ebanghelyo na ito tungkol sa pagkastigo at paghatol ng Diyos, at sa paglalantad ng Diyos na kabilang sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao ang pagmamataas, panlilinlang, at kabuktutan, at iba pang gayong paksa. Bago tanggapin ng kabilang partido ang gawain ng Diyos, sinisimulan na ng tagapangaral ng ebanghelyo na makipag-usap sa kanya tungkol sa pagkastigo at paghatol, inilalantad ang mga tiwali niyang disposisyon. Dahil dito, nasusuklam ang tao, hindi nakukuha ang gusto niya, at nananatiling hindi nalutas ang mga problema niya na nangangailangan ng paglulutas; nawawalan siya ng interes at ayaw nang magpatuloy sa pagsisiyasat. Hindi ba't isa itong problema sa tagapangaral ng ebanghelyo? Hindi nauunawaan ng tagapangaral ng ebanghelyo ang katotohanan, o wala siyang espirituwal na pang-unawa, at kaya, ganap niyang hindi batid kung ano ang kinakailangan ng ibang tao, nabibigong makapagbigay ng punto kapag nagsasalita siya, patuloy na nagpapaligoy-ligoy nang pagkahaba-haba, at talagang hindi nilulutas ang mga isyu ng potensyal na tatanggap ng ebanghelyo—paano siya posibleng magkakamit ng mga tao sa ganitong paraan ng pangangaral ng ebanghelyo?

Binabalewala ng mga huwad na lider ang anumang mga isyung kinakaharap nila sa gawain nila. Anuman ang mga problemang lumilitaw sa gawain ng ebanghelyo, at paano man ginugulo at naaapektuhan ng masasamang tao ang gawaing ito, hindi nila pinapansin ang alinman sa mga ito, na parang wala itong kinalaman sa kanila. Magulo ang isip ng mga huwad na lider sa gawain nila; may mga resulta man ang isang partikular na indibidwal o sumusunod man siya sa mga katotohanang prinsipyo sa tungkulin niya, hindi siya naglalaan ng pangangasiwa o pagsusuri, na nagpapahintulot sa mga tao na malayang kumilos anuman ang mga kahihinatnan. Nagiging dahilan ito ng hindi pagkalutas kailanman ng mga paglihis at kapintasang lumilitaw sa gawain ng ebanghelyo, at humahantong ito sa paglayo ng di-masabing bilang ng mga tao na naghahanap sa tunay na daan, hindi sila madala sa harap ng Diyos sa lalong madaling panahon. Matapos tanggapin ang gawain ng Diyos sa mga huling araw, sinasabi ng ilang tao, "Ang totoo, may nangaral sa akin ng ebanghelyo tatlong taon na ang nakakaraan. Hindi naman sa ayaw ko itong tanggapin o sa naniwala ako sa negatibong propaganda; napakairesponsable lang ng tao na nangaral sa akin. Hindi niya masagot ang mga tanong ko, at hindi siya malinaw na nagbabahagi noong hinanap ko ang katotohanan, nagsasabi lang ng ilang walang-kuwentang salita. Dahil dito, ang nagawa ko lang ay umalis sa pagkadismaya." Pagkalipas ng tatlong taon, matapos ang pagsisiyasat online at pagkatapos ay paghahanap at pakikipagbahaginan kasama ang mga kapatid, nalutas ng mga taong ito ang lahat ng

kuru-kuro at pagkalito sa mga puso nila isa-isa, ganap na nakukumpirma na ito nga ang Diyos na nagpapakita at gumagawa ng gawain, at tinatanggap nila ito. Ito ang pagtanggap nila sa gawain ng Diyos sa pamamagitan ng sarili nilang paghahanap at pagsisiyasat. Kung malinaw na nakapagbahagi ang taong nangaral ng ebanghelyo tungkol sa katotohanan at nalutas niya ang mga kuru-kuro at katanungan nila tatlong taon na ang nakakaraan, mas maaga nang tatlong taon na sana nila itong natanggap. Napakaraming paglago ng buhay ang naantala sa tatlong taon na ito! Dapat itong ituring na pagpapabaya sa responsabilidad sa bahagi ng mga nangangaral ng ebanghelyo at direkta itong nauugnay sa hindi nila pagkaunawa sa katotohanan. Talagang hindi lang nakatuon ang ilang manggagawa ng ebanghelyo sa pagsasangkap ng mga sarili nila gamit ang katotohanan, kaya lang nilang maglitanya ng ilang doktrina nang hindi nakakalutas ng mga kuru-kuro o aktuwal na isyu ng mga tao. Dahil dito, maraming tao ang hindi tumanggap sa ebanghelyo nang napapanahon noong narinig nila ito, inaantala ang paglago nila sa buhay nang ilang taon. Dapat sabihin na responsable rito ang mga lider na namamahala sa gawain ng ebanghelyo dahil sa kulang nilang paggabay at hindi sapat na pangangasiwa. Kung tunay na may pasanin ang mga lider at manggagawa at kaya nilang magtiis ng kaunti pang pagdurusa, magsagawa ng higit pang pagbabahagi tungkol sa katotohanan, at magpakita ng kaunti pang katapatan, malinaw na nagbabahagi tungkol sa lahat ng aspekto ng katotohanan, nang sa gayon ay magawa ng mga manggagawang iyon ng ebanghelyo na magbahagi tungkol sa katotohanan para malutas ang mga kuru-kuro at pagdududa ng mga tao, bubuti nang bubuti ang mga resulta ng pangangaral ng ebanghelyo. Magbibigay-daan ito sa mas maraming tao na nagsisiyasat sa tunay na daan para mas maaga nilang matanggap ang gawain ng Diyos at bumalik sa harap ng Diyos para matanggap ang Kanyang pagliligtas sa lalong madaling panahon. Naaantala ang gawain ng iglesia dahil lang lubhang pabaya ang mga huwad na lider sa mga responsabilidad nila, hindi gumagawa ng tunay na gawain o sumusubaybay at nangangasiwa sa gawain, at hindi kayang magbahagi ng katotohanan para ayusin ang mga problema. Siyempre, dahil din ito sa pagpapasasa ng mga huwad na lider na ito sa mga pakinabang ng katayuan, talagang hindi hinahangad ang katotohanan, at hindi handang subaybayan, pangasiwaan, o direktahan ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo—na ang resulta ay ang mabagal na pag-usad ng gawain, at ang pagkabigo na maagap na maituwid o malutas ang maraming gawang-taong paglihis, kahangalan, at walang-pakundangang paggawa ng mali, na lubhang nakakaapekto sa pagiging epektibo ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Saka lang naitutuwid ang mga problemang ito kapag natuklasan na ang mga ito ng ang Itaas at sinabihan ang mga lider at manggagawa na dapat nilang ayusin ang mga ito. Tulad ng mga taong bulag, hindi kaya ng mga huwad na lider na ito na makatuklas ng anumang mga problema, at talagang walang mga prinsipyo sa paraan nila ng paggawa ng mga bagay-bagay, at gayunman ay wala silang kakayahang mapagtanto ang sarili nilang mga pagkakamali, at inaamin lang nila ang mga kamalian nila kapag pinungusan sila ng

ang Itaas. Kaya, sino ang may kakayahang akuin ang responsabilidad para sa mga kawalang idinulot ng mga huwad na lider na ito? Kahit na tanggalin sila mula sa mga posisyon nila, paano pa mababawi ang mga kawalang idinulot nila? Kaya't kapag natuklasan na may mga huwad na lider na walang kakayahang gumawa ng anumang tunay na gawain, dapat silang tanggalin kaagad. Sa ilang iglesia, talagang mabagal ang pag-usad ng gawain ng ebanghelyo, at dahil lang ito sa mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain, pati na rin sa masyadong maraming pagkakataon ng pagpapabaya at pagkakamali sa parte nila.

Sa lahat ng iba't ibang aytem ng gawain na ginagawa ng mga huwad na lider, talagang maraming isyu, paglihis, at kapintasan na kailangan nilang lutasin, ituwid, at remedyuhan. Gayumpaman, dahil walang pagpapahalaga sa pasanin ang mga huwad na lider na ito, nagpapasasa lang sa mga pakinabang ng katayuan nila nang walang ginagawang anumang tunay na gawain, dumarating sila sa puntong nagugulo nila ang gawain. Sa ilang iglesia, hindi nagkakaisa ang mga tao sa mga isipan nila, ang lahat ay naghihinala, nagbabantay, at nananabotahe sa isa't isa, habang natatakot na matiwalag ng sambahayan ng Diyos. Nahaharap sa mga sitwasyong ito, hindi kumikilos ang mga huwad na lider para lutasin ang mga ito, nabibigong gumawa ng anumang tunay at espesipikong gawain. Humihinto ang gawain ng iglesia, pero hindi man lang sumasama ang loob ng mga huwad na lider dahil dito, naniniwala pa ring gumawa na sila mismo ng maraming gawain at hindi nila naantala ang gawain ng iglesia. Likas na walang kakayahan ang gayong mga huwad na lider na gampanan ang gawain ng pagtutustos ng buhay, ni hindi nila kayang maglutas ng mga aktuwal na problema ayon sa katotohanan. Nagsasagawa lang sila ng kaunting gawain ng pangkalahatang usapin na espesyal na itinalaga at itinakda ng ang Itaas, na tila ang gawain nila ay ginagawa lang para sa ang Itaas. Pagdating sa mahalagang gawain ng iglesia na palaging hinihingi ng ang Itaas—tulad ng gawain ng pagtutustos ng buhay at ng gawain ng paglilinang ng mga tao—o mga partikular na espesyal na gampaning idinirekta ng ang Itaas, hindi nila alam kung paano ito gawin at hindi nila ito kayang gawin. Iniaatas lang nila ang mga gampaning ito sa iba at pagkatapos ay itinuturing na nilang tapos ang trabaho nila. Ginagawa nila kung ano ang mismong ibinilin ng ang Itaas sa kanila, at kumikilos lang nang kaunti kapag inudyukan; kung hindi, wala silang ginagawa at pabasta-basta sila—mga huwad na lider ang mga ito. Ano ang isang huwad na lider? Sa madaling salita, isa itong tao na hindi gumagawa ng tunay na gawain, na hindi ginagawa ang trabaho niya bilang isang lider, nagpapakita ng malubhang pagpapabaya sa responsabilidad sa kritikal at mahalagang gawain at hindi kumikilos—isa itong huwad na lider. Nagpapakaabala lang ang mga huwad na lider sa mga paimbabaw na pangkalahatang usapin, napagkakamalan itong paggawa ng tunay na gawain, at sa aktuwal, pagdating sa trabaho nila bilang isang lider at sa kritikal na gawaing itinalaga sa kanila ng sambahayan ng Diyos, hindi nila ginagawa nang maayos ang alinman dito. Dagdag pa rito, madalas na lumilitaw ang mga isyu sa loob ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia na nangangailangan ng paglutas ng lider,

pero hindi niya malutas ang mga ito, madalas na gumagamit ng isang mapang-iwas na saloobin, at hindi siya mahanap ng mga kapatid kapag gusto nilang malutas ang isang isyu. Kung mahanap man nila ang lider, umiiwas ito sa kanila gamit ang dahilang masyado itong abala sa gawain at hinihiling nito sa mga kapatid na basahin ang mga salita ng Diyos nang sila-sila lang at hanapin ang katotohanan para malutas ang mga problema nila nang nakapagsasarili, nagpapakita ng walang-pakialam na pag-uugali. Sa huli, humahantong ito sa mga naipon na napakaraming di-nalutas na isyu, na pumipigil sa pag-usad sa lahat ng aytem ng gawain at nagpapatigil sa gawain ng iglesia. Ito ang kahihinatnan ng hindi paggawa ng mga huwad na lider ng tunay na gawain. Hindi kailanman masigasig o masipag ang mga huwad na lider pagdating sa mga pangunahin nilang responsabilidad, ni hindi nila hinahanap ang katotohanan para malutas ang iba't ibang isyu. Nangangahulugan ito na tiyak na walang kakayahan ang mga huwad na lider na gumawa ng tunay na gawain at lutasin ang anumang mga isyu. Mahusay ang mga huwad na lider sa pangangaral ng mga salita at doktrina, pagsisigaw ng mga islogan, at panghihikayat sa iba, nakatuon lang sa pagpapakaabala sa mga sarili nila sa gawain ng pangkalahatang usapin. Tungkol sa mahalagang gawain ng iglesia na ipinagkatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos, tulad ng pagtutustos ng buhay at pagbabahagi tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga isyu, hindi nila alam kung paano gawin ang mga ito, hindi sila nagsasanay para matutunan kung paano, at hindi kayang maglutas ng anumang tunay na problema—mga huwad na lider ang mga ito.

Kapag hinihiling na gabayan ang gawaing nakabatay sa teksto tulad ng pagsulat ng mga iskrip, pagsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, at iba pang espesipikong gampanin, iniisip ng ilang huwad na lider na dahil paggabay lang ito, hindi nila kailangang gumawa ng anumang kongkretong gawain, kaya sa halip ay nagpapagala-gala lang sila. "Zhang," sinasabi nila, "kumusta ang artikulo mo?" "Malapit nang matapos." "Li, mayroon ka bang anumang paghihirap sa pagsusulat ng iskrip na iyan?" "Oo, puwede mo ba akong tulungang lutasin ang mga iyon?" "Pag-usapan ninyong lahat ito nang kayo-kayo. Magdasal pa kayo lalo." Hindi lang nabibigo ang mga huwad na lider na ito sa paggabay at pagtulong sa mga kapatid, hindi rin sila nakatuon sa maayos na paggawa ng sarili nilang trabaho, palaging gumagala-gala, at namumuhay ng isang nakakalibang at komportableng buhay. Sa panlabas, tila sinusuri nila ang gawain, pero ang totoo ay hindi nila nilulutas ang anumang mga problema—talagang hindi sila gumagawa ng tunay na gawain! Iyong mahuhusay na opisyal sa ilang bansa sa mundong walang pananampalataya ay gayundin ang pagiging tiwaling tao, pero maging sila ay labis na nakahihigit sa mga huwad na lider na ito, na walang pagpapahalaga sa responsabilidad na taglay ng mga opisyal na ito. Halimbawa, kasunod ng pagsiklab ng pandemya, nagsimula ang mga bansa sa buong mundo na magpatupad ng mga hakbang ng pag-iwas. Sa kalaunan, sumang-ayon ang karamihan sa mga bansang ito na epektibo ang mga pagsisikap sa pag-iingat ng Taiwan, na nangangahulugang ginawa

ng mga opisyal ng pamahalaan ng Taiwan ang mga gampanin nila sa pagtugon sa pandemya sa pinakamatataas na pamantayan at nang may sukdulang detalye. Para sa isang bansa ng sekular na mundo, para sa mga opisyal at politiko na kasama sa tiwaling sangkatauhan, ang pagtupad ng isang gampanin sa pinakamatataas na pamantayan at nang may gayong sukdulang detalye ay tunay na kahanga-hanga. Maraming opisyal sa Europa ang gustong bumisita at matuto mula sa Taiwan; mula sa perspektibang ito, ang mga opisyal ng pamahalaan ng Taiwan ay lubos na nakahihigit sa mga opisyal ng ibang mga bansa. Dahil lang sa karamihan sa mga opisyal nila ay may kakayahang gumawa ng kongkretong gawain at kayang ilagay ang puso nila sa pagsasakatuparan ng mga responsabilidad nila, nagpapatunay ito na pasok sa pamantayan ang mga opisyal na ito. Palaging pabasta-basta ang ilang lider at manggagawa sa iglesia kapag ginagampanan ang mga tungkulin nila, at paano man sila pungusan, hindi ito epektibo. Naiisip Kong hindi pa nga pumapantay ang katangian ng mga lider at manggagawang ito sa mga katangian ng mga opisyal mula sa mundong walang pananampalataya na kayang gumawa ng aktuwal na gawain. Sinasabi ng karamihan sa kanila na nananampalataya sila sa Diyos at naghahangad sa katotohanan, pero ang totoo, hindi sila handang magbayad ng halaga. Napakaraming katotohanan ang itinutustos sa kanila, pero ganoon ang saloobin nila sa paggampan ng tungkulin nila. Ang resulta, lahat sila ay nagiging mga huwad na lider, na lubos na nagkukulang kung ikukumpara sa mga mas nakatataas na opisyal sa pamahalaan! Hindi naman talaga mataas ang mga hinihingi Ko sa mga tao; hindi Ko hinihingi na maunawaan ng mga tao ang masyadong maraming katotohanan o magkaroon ng masyadong mataas na kakayahan. Ang pinakamababang pamantayan ay ang pagkilos nang may konsensiya at ang pagtupad ng mga responsabilidad ng isang tao. Kung wala nang iba pa, sa kaliit-liitan man lang, dapat kang maging karapat-dapat sa kinakain mo araw-araw at sa ibinigay na gawain ng Diyos sa iyo; sapat na iyon. Ngunit nagawa na ang gawain ng Diyos hanggang ngayon, at kaya ba ng maraming tao na kumilos nang may konsensiya? Nakikita Ko na nagsasalita at kumikilos nang may sinseridad ang ilang opisyal sa mga demokratikong bansa. Hindi sila gumagawa ng mga pagmamalabis o nagsasalita ng matatayog na teorya, lalong metikuloso at tunay ang pananalita nila, at kaya nilang asikasuhin ang maraming tunay na usapin. Talagang napakahusay ng gawain nila, tunay na sumasalamin sa integridad at pagkatao nila. Kung titingnan ang karamihan sa mga lider at manggagawa sa iglesia ngayon, sa gawain nila, iniraraos nila ang gawain at nagpapabasta-basta, hindi sila nagkamit ng mga napakagandang resulta, at hindi nila lubusang natupad ang mga responsabilidad nila. Pagkatapos maging mga lider, nagiging mga relihiyoso silang opisyal, nagpapakita sila ng pagmamataas at nagbibigay ng mga utos, at hindi sila gumagawa ng totoong gawain. Nakatuon lang sila sa pagpapasasa sa mga pakinabang ng katayuan nila, at gusto nilang nakasunod ang lahat sa kanila at umiikot sa palibot nila. Bihira silang makibahagi nang malalim sa mga pinakamababang antas para lumutas ng mga tunay na problema. Sa puso nila, lumalayo sila nang lumalayo sa Diyos.

Ganap nang hindi matutubos ang ganitong mga uri ng mga huwad na lider at mga huwad na manggagawa! Nagbahagi Ako nang napakabuong-ingat tungkol sa katotohanan, pero hindi ito tinatanggap ng mga lider at manggagawang ito, pilit silang kumakapit sa mga mali nilang ideya, at hindi sila naaantig. Palaging pabasta-basta ang saloobin nila sa mga tungkulin nila, at wala silang ni katiting na intensyong magsisi. Nakikita Ko na ang mga taong ito ay walang konsensiya, walang katwiran, talagang hindi tao! Pagkatapos ay nagninilay Ako: Kailangan pa rin bang makipagbahaginan nang paulit-ulit sa ganitong mga uri ng tao tungkol sa mga katotohanang ito? Kailangan Ko bang gawing napakaespesipiko ang pakikipagbahaginan? Kailangan Ko bang tiisin ang pagdurusang ito? Kalabisan ba ang mga salitang ito? Pagkatapos ng kaunting pag-iisip, nagpasya Akong dapat pa rin Akong magsalita, dahil kahit na walang epekto ang mga salitang ito sa mga wala ni katiting na konsensiya o katwiran, kapaki-pakinabang ang mga ito para sa mga tao na, kahit na medyo mababa ang kakayahan, kayang tanggapin ang katotohanan at taos-pusong gampanan ang mga tungkulin nila. Hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider at hindi nila isinasakatuparan ang mga responsabilidad nila, pero iyong mga naghahanap sa katotohanan ay matututo ng mga aral, mabibigyan ng inspirasyon, at makakahanap ng landas para sa pagsasagawa mula sa mga salita at usaping ito. Hindi ganoon kadali ang buhay pagpasok; nang walang sinumang susuporta at magtutustos, nang walang paghihimay at paglilinaw ng bawat aspekto ng katotohanan, napakahina ng mga tao, madalas na natatagpuan ang mga sarili nila sa kawalan ng magagawa at pagkalito, isang kalagayan ng pagiging negatibo at pasibo. Samakatwid, sa maraming pagkakataon, kapag nakikita Ko ang mga huwad na lider na ito, humihina ang loob Kong makipagbahaginan sa kanila. Gayumpaman, kapag iniisip Ko ang pagdurusang tiniis at ang mga halagang binayaran ng mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos at ng mga tapat na gumagampan sa mga tungkulin nila, nagbabago ang isipan Ko. Walang ibang dahilan kundi ito: Kahit na 30 hanggang 50 katao—o sa kaliit-liitan ay 8 o 10 katao—ang kayang taos-pusong igugol ang sarili nila at maging tapat sa paggampan ng mga tungkulin nila, at handang makinig at magpasakop, sulit ang pagsasabi ng mga salitang ito. Hindi Ako magkakaroon ng motibasyong magsalita at makipagbahaginan sa mga taong walang konsensiya at katwiran; sobrang nakakapagod at walang saysay ang pakikipag-usap sa mga taong ito. Hindi hinahangad ng karamihan sa inyo ang katotohanan at hindi kayo nagbabayad ng halaga sa mga tungkulin ninyo—wala kayong pasanin o katapatan, nagraraos lang kayo ng gawain sa mga kilos ninyo, at atubili kayong gumagawa ng mga bagay-bagay sa pag-asang magkakamit kayo ng mga pagpapala. Sa aktuwal, isang di-nararapat na pabor para sa inyo ang pakikinig sa mga salitang ito. Nakikisakay kayo sa mga taos-pusong gumagampan ng mga tungkulin nila, sa mga tunay na nagbabayad ng halaga, sa mga nagtataglay ng katapatan at pasanin, at sa mga handang isagawa ang katotohanan. Para sa mga taong iyon ang mga salitang ito, at nagkakamit kayo ng isang di-nararapat na pabor sa pakikinig sa mga ito. Kung titingnan mula sa perspektibang ito—ibig sabihin,

na ang karamihan sa inyo ay may saloobin ng pagraraos sa gawain nang walang anumang kasigasigan sa mga tungkulin ninyo—hindi kayo karapat-dapat na makarinig sa mga salitang ito. Bakit hindi kayo karapat-dapat? Dahil kahit makinig kayo, walang saysay ang lahat ng ito; gaano man karami ang nasasabi o gaano man ito kadetalyado, iniraraos lang ninyo ang pakikinig, hindi isinasagawa ang mga salitang ito gaano man karami ang nauunawaan ninyo pagkatapos ninyong pakinggan ang mga ito. Kanino dapat sabihin ang mga salitang ito? Sino ang karapat-dapat na makarinig sa mga ito? Iyon lang mga handang magbayad ng halaga, ang mga kayang igugol nang taos-puso ang mga sarili nila, at ang mga tapat sa mga tungkulin at atas nila ang karapat-dapat na makinig. Bakit Ko sinasabing karapat-dapat silang makinig? Dahil sa sandaling naunawaan na nila ang kaunting katotohanan pagkatapos makinig, maisasagawa nila ito, at isinasagawa nila kung ano ang nauunawaan nila; hindi sila tuso at hindi sila tamad; at tinatrato nila ang katotohanan at ang mga hinihingi ng Diyos nang may saloobin ng sinseridad at pananabik, kayang mahalin at tanggapin ang katotohanan. Kaya, pagkatapos nilang makinig, ang mga salitang ito ay may epekto sa kanila at nagkakamit ng resulta.

Pebrero 13, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (5)

Sa huling pagtitipon, nagbahaginan tayo sa ikalimang aytem tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Habang nagbabahaginan sa ikalimang aytem, hinimay natin ang ilan sa mga pagpapamalas at kilos ng mga huwad na lider, at natapos natin ang pagbabahaginan sa aytem na ito. Ngayon, magbabahaginan tayo sa ikaanim at ikapitong aytem tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ano ang espesipikong nilalaman ng dalawang aytem na ito? (Ikaanim na aytem: Iangat at linangin ang lahat ng uri ng kalipikadong talento upang ang lahat ng naghahangad ng katotohanan ay magkaroon ng pagkakataon na magsanay at pumasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon. Ikapitong aytem: Magtalaga at gumamit ng iba't ibang uri ng tao nang makatwiran, batay sa kanilang pagkatao at mga kalakasan, upang ang bawat isa ay magamit sa pinakamainam na paraan.) Himayin natin ang iba't ibang kilos at pagpapamalas ng mga huwad na lider kaugnay sa dalawang aytem na ito. Kabilang ang dalawang aytem na ito sa parehong kategorya, na may kinalaman sa pag-aangat, paglilinang, at paggamit sa iba't ibang uri ng tao sa iglesia. Magbahaginan muna tayo tungkol sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pag-aangat at paglilinang sa lahat ng uri ng kalipikadong talento. Sa gayong paraan, hindi ba't talagang mauunawaan ninyo ang ilang prinsipyong dapat sundin ng mga lider at manggagawa sa paggawa ng gawaing ito? Maaaring iniisip ninyo, "Bilang mga lider at manggagawa, madalas kaming nahaharap sa ganitong mga usapin, pamilyar na kami sa gawaing ito at may kaunting karanasan dito, kaya kahit wala Ka nang sabihin pa tungkol dito, malinaw na ito sa amin, at hindi Mo na kailangang partikular na magbahagi pa tungkol dito." Kung gayon, hindi na ba kailangang magbahagi tungkol dito? (Kailangan namin ang pagbabahagi Mo tungkol dito. Hindi pa rin namin naaarok ang mga prinsipyo sa aspektong ito, at may ilang taong may talento na hindi pa rin namin alam kung paano kilatisin.) Karamihan sa mga lider at manggagawa ay litong-lito pa rin kung paano gawin ang trabahong ito, at nasa proseso pa sila ng pangangapa, at hindi maarok ang mga tumpak na prinsipyo, kaya, kailangan pa rin nating pagbahaginan ang mga detalye.

Ikaanim na Aytem: Iangat at Linangin ang Lahat ng Uri ng Kalipikadong Talento Upang ang Lahat ng Naghahangad ng Katotohanan ay Magkaroon ng Pagkakataon na Magsanay at Pumasok sa Katotohanang Realidad sa Lalong Madaling Panahon

Ang Kahalagahan ng Pagtataguyod at Paglilinang ng Sambahayan ng Diyos sa Lahat ng Uri ng Taong May Talento

Bakit inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang lahat ng uri ng mga taong may talento? Para ba sa pakikilahok sa agham, edukasyon, at literatura ang pag-aangat

at paglilinang sa lahat ng uri ng mga taong may talento? Dapat alam na ng lahat ng hinirang ng Diyos na kapag inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang iba't ibang klase ng tao na may talento, hindi ito ginagawa para makabuo ng ilang uri ng high-tech na produkto at lumikha ng himala o para magsagawa ng pananaliksik tungkol sa kasaysayan ng pag-unlad ng tao, at lalong hindi para gumawa ng anumang uri ng mga plano para sa hinaharap ng sangkatauhan. Bakit, kung gayon, inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang lahat ng uri ng taong may talento? Naiintindihan ba ninyo ito o hindi? (Para maipalaganap ang ebanghelyo ng kaharian.) Para maipalaganap ang ebanghelyo ng kaharian—ito ang isang dahilan. Ano pa? (Para magkaroon ng pagkakataong magsanay ang lahat ng naghahangad sa katotohanan.) Tama iyan, talagang makatwiran ang sagot na ito at tumpak. Ito ay para magkaroon ng pagkakataon ang mas marami pang tao na naghahangad sa katotohanan na magsanay, at makapasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon. Parehong tama at tumpak ang mga sagot na ibinigay ninyo ngayon lang. Sa isang banda, ang pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos sa lahat ng uri ng mga taong may talento ay nauugnay sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian at sa gawain ng Diyos, at sa isa pang banda, nauugnay ito sa indibidwal na mga paghahangad at pagpasok. Ito ang dalawang sumasaklaw na aspekto. Sa partikular na salita, ano ang kahalagahan ng pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos sa lahat ng uri ng mga taong may talento? Ano ang partikular na gawaing isinasagawa sa iglesia ng mga taong ito na iniaangat at nililinang? Kapag inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang isang tao para maging lider ng pangkat, superbisor, o lider o manggagawa ng iglesia, ginagawa ba siyang isang opisyal? (Hindi.) Inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang mga tao para maging responsable sila sa mga partikular na proyekto o trabaho sa loob ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, gaya ng gawain ng ebanghelyo, gawaing nakabatay sa teksto, gawain ng paggawa ng pelikula, gawain ng pagdidilig, pati na rin ng ilang pangkalahatang usapin, at iba pa. Kaya, paano nila isinasakatuparan ang mga partikular na trabahong ito? Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang aytem ng gawain sa iglesia nang alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos, sa mga katotohanang prinsipyo ng mga salita ng Diyos, at sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at sa gayon ay ginagawa ang kanilang tungkulin ayon sa mga hinihingi ng Diyos at kumikilos nang alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Kung titingnan ang katunayan na iniaangat at nililinang ang mga taong ito para magsagawa ng gawain, hindi ang pagkakaroon ng opisyal na titulo o katayuan ang nagbibigay-daan sa kanila na gawin nang maayos ang kanilang gawain. Sa halip, dapat silang magtaglay ng tiyak na kakayahan para pasanin ang isang partikular na trabaho, ibig sabihin, para pasanin ang ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos na gawin, o sa madaling salita, isang tungkulin at obligasyon na may kaakibat na pananagutan. Ito ang partikular na kahalagahan at depinisyon ng pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng mga indibidwal na may talento, tulad ng binanggit sa ikaanim na aytem tungkol sa mga responsabilidad ng mga

lider at manggagawa. Samakatwid, sa pag-aangat at paglilinang sa mga tao, ang mithiin ng sambahayan ng Diyos ay linangin ang iba't ibang uri ng mga taong may talento para maisagawa nang maayos ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos; ito ay para mabigyan ang mga taong ito ng kakayahan na pasanin ang iba't ibang partikular na gampanin sa iglesia. Kasabay nito, nililinang at sinasanay ng sambahayan ng Diyos ang mga taong ito para matuto sila kung paano pagnilayan ang mga salita ng Diyos, magbahagi tungkol sa katotohanan, at kumilos ayon sa mga prinsipyo, na umaakay sa kanila na isagawa ang katotohanan at mamuhay sa mga salita ng Diyos, at pumasok sa katotohanang realidad, at mabigyan sila ng mga tunay na karanasan at patotoo, nang sa gayon ay maaari silang mamuno, magdilig, at magtustos sa iba, at gawin nang maayos ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, at kasabay nito, maaaring mabigyang-kakayahan ang hinirang na mga tao ng Diyos na magpasakop sa Diyos, magpatotoo sa Diyos, at tuparin ang tungkulin ng pangangaral ng ebanghelyo. Ang pamamaraan ng pagsasagawa para sa pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng mga taong may talento ay, sa isang aspekto, para pamunuan ang mga tao sa pagsasagawa at pagdanas ng mga salita ng Diyos, pagkilala sa kanilang sarili, pagwaksi sa kanilang mga tiwaling disposisyon, at pagpasok sa katotohanang realidad; sa isa pang aspekto, ito ay para gamitin ng mga lider at manggagawa ang kanilang sariling praktikal na karanasan ng katapatan at pagpapasakop para pamunuan at linangin ang mga tao sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin at pagbibigay ng matutunog na patotoo sa Diyos. Ang mga ito ang dalawang pangunahing landas ng pagsasagawa sa paglilinang sa iba't ibang uri ng mga taong may talento. Ito ang partikular na gawain na nakapaloob sa pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng taong may talento, at ito rin ang tunay na kahalagahan ng pag-aangat at paglilinang sa kanila.

Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa Iba't ibang Uri ng Taong May Talento na Itinataguyod at Nililinang ng Sambahayan ng Diyos

I. Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa mga Lider at Manggagawa at mga Superbisor ng Iba't Ibang Aytem ng Gawain

Sino ang tinutukoy na "iba't ibang uri ng mga taong may talento na iniaangat at nililinang ng iglesia"? Anong mga saklaw ang sakop nito? Una ay ang uri ng mga tao na maaaring maging mga superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain. Ano ang mga hinihinging pamantayan para sa mga superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain? Mayroong tatlong pangunahing pamantayan. Una, dapat ay mayroon silang abilidad na maarok ang katotohanan. Tanging ang mga taong nakakaarok sa katotohanan nang dalisay na walang pagkabaluktot at nakabubuo ng mga kongklusyon ay mga taong may mahusay na kakayahan. Ang mga taong may mahusay na kakayahan, kahit papaano, ay dapat magkaroon ng espirituwal na pang-unawa at kakayahang kumain at uminom

ng mga salita ng Diyos nang mag-isa. Sa proseso ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, dapat ay magawa nilang tanggapin nang nakapagsasarili ang paghatol, pagkastigo, at pagpupungos ng mga salita ng Diyos, at hanapin ang katotohanan para malutas ang sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon at ang karumihan ng sarili nilang kalooban, pati na rin ang kanilang mga tiwaling disposisyon—kung maaabot nila ang pamantayang ito, nangangahulugan ito na alam nila kung paano danasin ang gawain ng Diyos, at pagpapamalas ito ng mahusay na kakayahan. Pangalawa, dapat silang magbuhat ng pasanin para sa gawain ng iglesia. Ang mga taong tunay na nagbubuhat ng pasanin ay hindi lamang may sigasig, mayroon silang tunay na karanasan sa buhay, nakauunawa ng ilang katotohanan, at nakikilatis nila ang ilang problema. Nakikita nila na sa gawain ng iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos ay maraming suliranin at problema na kinakailangang malutas. Nakikita nila ito sa kanilang mga mata at nag-aalala rito sa kanilang puso—ito ang ibig sabihin ng pagbubuhat ng pasanin para sa gawain ng iglesia. Kung ang isang tao ay mayroon lamang mahusay na kakayahan at kayang umarok sa katotohanan, pero siya ay tamad, nag-iimbot ng mga kaginhawahan ng laman, ayaw gumawa ng tunay na gawain, at gumagawa lang ng kaunting gawain kapag ang ang Itaas ay nagbibigay sa kanila ng deadline na tapusin ito, kapag hindi siya makaiwas sa hindi paggawa nito, kung gayon, isa itong tao na walang pasanin. Ang mga taong walang pasanin ay mga taong hindi naghahangad sa katotohanan, mga taong walang pagpapahalaga sa katarungan, at mga walang kuwenta na ginugugol ang buong araw sa katakawan, nang hindi pinag-iisipan nang seryoso ang anumang bagay. Pangatlo, dapat magtaglay sila ng kapabilidad sa gawain. Ano ang ibig sabihin ng “kapabilidad sa gawain”? Sa madaling salita, ibig sabihin nito ay hindi lang nila kayang magtalaga ng gawain at magbigay ng mga tagubilin sa mga tao, kundi kaya rin nilang tukuyin at lutasin ang mga problema—ito ang ibig sabihin ng magtaglay ng kapabilidad sa gawain. Dagdag pa rito, kailangan din nila ng mga kasanayan sa pag-oorganisa. Ang mga taong may kasanayan sa pag-oorganisa ay partikular na mahusay sa pagtitipon ng mga tao, pag-oorganisa at pagsasaayos ng gawain, at paglutas ng mga problema, at kapag nagsasaayos ng gawain at lumulutas ng mga problema, kaya nilang lubusang kumbinsihin ang mga tao at mapasunod ang mga ito—ito ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng mga kasanayan sa pag-oorganisa. Kayang isakatuparan ng mga tunay na may kapabilidad sa gawain ang mga partikular na trabahong isinasaayos ng sambahayan ng Diyos, at kaya nila itong gawin nang mabilis at nang may pagpapasya, nang walang anumang kapabayaan, at higit pa roon, kaya nilang gawin nang maayos ang iba’t ibang trabaho. Ito ang tatlong pamantayan ng sambahayan ng Diyos para sa paglilinang sa mga lider at manggagawa. Kung nakatutugon ang isang tao sa tatlong pamantayang ito, siya ay isang pambihira, may talentong indibidwal at dapat siyang iangat, linangin, at sanayin kaagad, at pagkatapos magsanay nang ilang panahon, maaari na siyang tumanggap ng gawain. Ang sinumang may kakayahan, nagbubuhat ng pasanin, at nagtataglay ng kapabilidad sa gawain ay hindi nangangailangan ng mga

tao na palaging mag-alala sa kanila at mangasiwa at manghimok sa kanila sa kanilang gawain. Sila ay maagap, at alam nila kung aling mga trabaho ang dapat gawin sa partikular na oras, aling mga trabaho ang kailangang inspeksiyonin at pangasiwaan, at aling mga trabaho ang kailangang suriin o bantayang maigi. Alam na alam nila ang mga bagay na ito. Ang gayong mga tao ay medyo masasandalan at maaasahan sa kanilang gawain, at walang malalaking problema na mangyayari. Kahit na nagkakaroon ng mga problema, ang mga ito ay maliliit na isyu lang na hindi nakaaapekto sa kabuuan, at hindi kailangang mag-alala ang Diyos tungkol sa gawaing ginagawa ng mga taong ito. Tanging ang mga tunay na nakatatayo sa sarili nilang mga paa sa kanilang gawain ang tunay na nagtataglay ng kapabilidad sa gawain. Ang mga hindi nakatatayo sa sarili nilang mga paa at palaging nangangailangan ng ibang tao na mag-aalala sa kanila, babantayan sila, pangangasiwaan sila, at hahawakan pa nga ang kanilang kamay at tuturuan sila kung ano ang dapat gawin ay ang klase ng mga tao na may napakahinang kakayahan. Ang mga resulta ng gawaing ginagawa ng mga taong may ordinaryong kakayahan ay tiyak na karaniwan, at kinakailangan ng mga taong ito ang iba para bantayan at pangasiwaan sila bago sila makagawa ng anumang bagay. Sa kabaligtaran, ang mga taong may mahusay na kakayahan ay nakatatayo sa kanilang sariling mga paa pagkatapos silang sanayin nang ilang panahon, at sa tuwing nabibigyan sila ng ang Itaas ng mga tagubilin para sa isang gampanin at nababahaginan sila ng ilang prinsipyo, kaya nilang maarok ang mga prinsipyo, ipatupad ang gawain alinsunod sa mga ito, at sa pangkalahatan ay sumunod sa tamang landas nang walang masyadong malalaking paglihis o kapintasan, at makamit ang mga resultang nararapat nilang makamit—ito ang ibig sabihin ng pagtataglay ng kapabilidad sa gawain. Halimbawa, hinihingi ng sambahayan ng Diyos na linisin ang iglesia, at tukuyin at patalsikin ang mga anticristo at masasamang tao mula sa iglesia, at ang klase ng mga taong nagtataglay ng kapabilidad sa gawain sa pangkalahatan ay hindi lumilihis habang isinasakatuparan ang gampaning ito. Sa sandaling lumitaw ang isang anticristo, tumatagal ng humigit-kumulang kalahating taon, sa pinakamababa, bago ito mabunyag at mapaalis. Sa panahong ito, ang mga nagtataglay ng kapabilidad sa gawain ay kaya itong tukuyin, magbahagi tungkol sa katotohanan para himayin ang mga pagpapamalas ng anticristo, at tulungan ang mga kapatid na magkamit ng pagkakilala sa kanila at hindi mailihis, sa gayon ay binibigyang-kakayahan silang tumindig para ilantad at patalsikin ang anticristo nang sama-sama. Kapag lumilitaw sa saklaw ng gawain ng mga taong nagtataglay ng kapabilidad sa gawain ang mga anticristo o masasamang tao, sa pangkalahatan ay hindi nalilihis o naiimpluwensiyahan ang karamihan sa mga kapatid. Tanging ang ilang tao na magulo ang isip at iyong mga may napakahinang kakayahan ang nalilihis, at isa itong normal na penomena. Ang mga taong may mahusay na kakayahan at nagtataglay ng kapabilidad sa gawain ay kayang makamit ang ganitong mga resulta sa kanilang gawain, at ang gayong mga tao ay nagtataglay ng katotohanang realidad at sila ay pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa.

Sa iba't ibang klase ng mga taong may talento na kababanggit Ko lang ngayon, ang unang klase ay iyong maaaring maging superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain. Ang unang hinihingi sa kanila ay ang magkaroon sila ng abilidad at kakayahan na umarok sa katotohanan. Ito ang pinakamaliit na hinihingi. Ang ikalawang hinihingi ay ang magbuhat sila ng pasanin—ito ay kailangang-kailangan. Mas madaling naaarok ng ilang tao ang katotohanan kaysa sa mga ordinaryong tao, mayroon silang espirituwal na pang-unawa, may mahusay na kakayahan, nagtataglay ng kapabilidad sa gawain, at pagkatapos ng ilang panahon ng pagsasagawa, tiyak na kaya na nilang tumayo sa sarili nilang mga paa. Pero may seryosong problema sa mga taong ito—wala silang pasanin. Gusto nilang kumain, uminom, magsaya, at gumala. Interesadong-interesado sila sa mga bagay na ito, pero kapag ipinapagawa sa kanila ang ilang partikular na gawain kung saan hinihingi sa kanilang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga, at pigilan nang kaunti ang sarili nila, nagiging matamlay sila, at sinasabi nilang mayroon silang ilang karamdaman o sakit, at na ang bawat parte ng katawan nila ay hindi komportable. Sila ay walang pagpipigil at walang disiplina, kaswal, matigas ang ulo, at imoral. Kumakain, natutulog, at nagsasaya sila kung kailan nila gusto, at gumagawa lang ng kaunting gawain kapag nasa magandang lagay ng kalooban. Kung medyo mahirap o nakakapagod ang gawain, nawawalan sila ng interes at ayaw na nilang gawin ang tungkulin nila. Ito ba ay pagbubuhat ng pasanin? (Hindi.) Ang mga taong tamad at nag-iimbot ng mga kaginhawahan ng laman ay hindi ang mga taong dapat iangat at linangin. Mayroon ding mga tao na may higit pa sa sapat na kakayahan para sa isang trabaho, ngunit sa kasamaang-palad, sadyang hindi sila nagbubuhat ng pasanin, ayaw nilang umako ng responsabilidad, ayaw nila ng suliranin, at ayaw nilang mag-alala. Bulag sila sa gawaing kinakailangang gawin, at kahit na nakikita nila ito, ayaw nilang asikasuhin ito. Ang ganitong uri ba ng mga tao ay mga kandidato para sa pag-aangat at paglilinang? Tiyak na hindi; kailangang magbuhat ng pasanin ang mga tao para maiangat at malinang. Ang pagbubuhat ng pasanin ay maaari ding ilarawan bilang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad. Ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad ay mas may kinalaman sa pagkatao; ang pagbubuhat ng pasanin ay nauugnay sa isa sa mga pamantayang ginagamit ng sambahayan ng Diyos sa pagsukat sa mga tao. Ang mga nagbubuhat ng pasanin habang may karagdagang tinataglay na dalawa pang bagay—ang abilidad at kakayahan na maarok ang katotohanan, at ang kapabilidad sa gawain—ay ang mga uri ng tao na maaaring iangat at linangin, at ang ganitong uri ng mga tao ay maaaring maging mga superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain. Ang mga ito ang mga hinihinging pamantayan sa pag-aangat at paglilinang sa mga tao para maging iba't ibang uri ng mga superbisor, at ang mga taong nakatutugon sa mga pamantayang ito ay mga kandidato para sa pag-aangat at paglilinang.

II. Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa mga Taong May Talento sa Iba't Ibang Propesyon na Nagtataglay ng mga Espesyal na Talento o Kaloob

Bukod sa uri ng mga tao na maaaring maging mga superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain, ang isa pang uri ng mga tao na maaaring iangat at linangin ay iyong mga nagtataglay ng mga espesyal na talento o kaloob o iyong mga naging dalubhasa na sa ilang propesyonal na kasanayan. Ano ang pamantayang hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa paglilinang sa ganitong mga tao para maging mga lider ng pangkat? Una, tingnan ang pagkatao nila—basta't medyo mahal nila ang mga positibong bagay at hindi sila masasamang tao, sapat na iyon. Maaaring itanong ng ilan, "Bakit hindi hinihingi sa kanila na maging isang taong naghahangad sa katotohanan?" Dahil ang mga lider ng pangkat ay hindi mga lider ng iglesia o mga manggagawa, hindi rin sila mga tagadilig, at ang hingin sa kanila na tugunan ang pamantayan ng paghahangad sa katotohanan ay magiging kalabisan, at mahirap abutin para sa karamihan sa kanila. Hindi ito hinihingi sa mga taong gumagawa ng gawain sa pangkalahatang usapin o ng mga partikular na aytem ng propesyonal na gawain; kung ganoon man, kakaunti lang ang magiging kalipikado, kaya kailangang ibaba ang mga pamantayan. Basta't nauunawaan ng mga tao ang kanilang propesyon at may kakayanang pasanin ang gawain, at hindi gumagawa ng kasamaan o nagsasanhi ng anumang kaguluhan, kung gayon, sapat na iyon. Para sa mga taong ito na may kadalubhasaan sa ilang kasanayan at propesyon, at may ilang kalakasan, kung isasagawa nila ang isang gawain na nangangailangan ng pagiging pamilyar nang kaunti sa kasanayan at may kaugnayan sa kanilang mga propesyon sa sambahayan ng Diyos, basta't sila ay medyo taong totoo at matuwid pagdating sa kanilang karakter, hindi masama, hindi baluktot sa kanilang pag-arok, kayang magtiis ng paghihirap, at handang magbayad ng halaga, kung gayon, sapat na iyon. Kaya, ang unang hinihingi sa paglilinang ng gayong mga tao para maging mga lider ng pangkat ay na kailangang medyo may pagmamahal sila sa mga positibong bagay, at bukod pa rito, kailangan ay kaya nilang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga. Ano pa? (Dapat matuwid ang kanilang karakter, at hindi masama, at hindi baluktot sa kanilang pag-arok.) Kailangang medyo matuwid ang kanilang karakter, kailangang hindi sila masasamang tao, at hindi sila dapat baluktot sa kanilang pag-arok. Maaaring itanong ng iba, "Kung gayon, maituturing ba na mataas ang abilidad nilang makaarok sa katotohanan? Pagkatapos marinig ang katotohanan, magigising ba sila sa katotohanang realidad, at makapapasok sa katotohanang realidad?" Hindi kinakailangang hingin ang lahat ng ito; sapat na ang hingin na hindi maging baluktot sa kanilang pag-arok ang gayong mga tao. Kapag ginagawa ng mga taong hindi baluktot sa kanilang pag-arok ang kanilang gawain, ang isa sa mga benepisyo nito ay na hindi sila malamang na magdudulot ng mga pagkagambala o gagawa ng anumang kakatwa. Halimbawa, paulit-ulit na ibinahagi ng sambahayan ng Diyos ang mga prinsipyo tungkol sa kulay ng mga kasuotan ng mga aktor, na dapat ay marangal at disente, at makulay sa halip na maputla. Subalit may

mga tao pa rin na sadyang hindi makaintindi sa sinabi sa kanila, hindi nila nauunawaan ang naririnig nila, wala silang kakayanang makaarok, at hindi makatukoy ng mga prinsipyong nakapaloob sa mga hinihinging ito ng sambahayan ng Diyos, at nauuwi sila sa pagpili ng mga kasuotan na puro kulay abo—hindi ba't baluktot na pag-arok ito? (Oo.) Ito ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng baluktot na pag-arok. Ano ang pangunahing kahulugan ng medyo may pagmamahal sa mga positibong bagay? (Ang magawang tanggapin ang katotohanan.) Tama. Ibig sabihin nito ay ang magawang tanggapin ang mga salita at mga bagay na ayon sa katotohanan, at magawang tanggapin at magpasakop sa mga salita ng Diyos at sa lahat ng aspekto ng katotohanan. Hindi alintana kung kaya mang isagawa ng gayong mga tao ang mga bagay na ito, kahit papaano, sa kaibuturan, dapat hindi sila lumalaban o nasusuya sa mga ito. Ang gayong mga tao ay mabubuting tao, at sa simpleng pananalita, masasabing sila ay mga disenteng tao. Ano ang mga katangian ng mga disenteng tao? Nakararamdam sila ng pagkasuya, pagkasuklam, at pagkapoot sa masasamang kilos na gustong gawin ng mga walang pananampalataya, pati na rin sa masasamang kalakaran na sinusunod ng mga walang pananampalataya. Halimbawa, isinusulong ng mga kalakaran sa mundong walang pananampalataya ang masasamang puwersa, at maraming babae ang naghahangad na makapag-asawa ng mayaman o maging kabit ng kung sino. Hindi ba't kabuktutan ito? Lubos na kasuklam-suklam ang mga bagay na ito para sa mga taong nagmamahal sa katotohanan, at sinasabi ng ilan na, "Kahit na hindi ako makahanap ng taong pakakasalan, kahit pa mamatay ako sa kahirapan, hindi ako kailanman kikilos ng katulad sa mga taong iyon," sa madaling salita, mapanglait at mapang-alipusta sila sa gayong mga tao. Ang isang katangian ng mga disenteng tao ay na kasuklam-suklam at nakakasuka para sa kanila ang masasamang kalakaran, at hinahamak nila ang mga nabitag sa gayong mga kalakaran. Medyo matuwid ang mga taong ito; kapag binanggit ang pananampalataya sa Diyos at pagiging mabuting tao, pagtahak sa tamang landas, pagsamba sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, pag-iwas sa masasamang kalakaran, at pag-iwas sa lahat ng masasamang pag-uugali sa mundo, sa kaibuturan nila, pakiramdam nila ay mabuting bagay ito. Magagawa man nila o hindi na magsikap para matamo ang lahat ng ito, at gaano man katindi ang kanilang determinasyon na manampalataya sa Diyos at tumahak sa tamang landas, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, sa kaibuturan nila, inaasam nilang mabuhay sa liwanag at inaasam nilang mapunta sa isang lugar kung saan namamayani ang pagiging matuwid. Ang mga matuwid na taong gaya nito ay ang uri ng mga tao na may katamtamang pagmamahal sa mga positibong bagay. Ang mga taong iaangat at lilinangin ng sambahayan ng Diyos ay kailangang nagtataglay ng katangian ng isang matuwid na pagkatao at ng pagmamahal para sa mga positibong bagay, sa pinakamababa. Ito rin ang unang hinihinging pamantayan sa pag-aangat sa uri ng mga taong may talento na mayroong mga propesyonal na kasanayan at kalakasan. Ang pangalawang pamantayan ay na ang gayong mga tao ay dapat kayang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga. Ibig

sabihin, pagdating sa mga adhikain o gawain kung saan masigasig sila, kaya nilang isantabi ang kanilang sariling mga pagnanais, isantabi ang mga kasiyahan ng laman o ang isang maginhawang pamumuhay, at kahit talikuran pa ang kanilang mga kinabukasan sa hinaharap. Bukod pa rito, hindi nila alintana ang kaunting hirap o ang medyo makaramdam ng pagod; hangga't gumagawa sila ng isang makabuluhang bagay at pinaniniwalaan nila itong tama, kung gayon ay masaya nilang tatalikuran ang mga kasiyahan ng laman at mga pakinabang—o, kahit papaano ay magkakaroon ng determinasyon at kagustuhan na gawin iyon. Sinasabi ng ilang tao, "Paminsan-minsan ay nag-iimbot pa rin ang taong iyon ng mga kaginhawahan ng laman: Minsan, gusto niyang matulog nang mahaba, o kumain ng masarap na pagkain, at minsan gusto niyang lumabas para mamasyal o magliwaliw—ngunit mas madalas na nagagawa niyang magdusa ng hirap at magbayad ng halaga; paminsan nga lamang, dinadala siya ng kanyang lagay ng loob sa gayong mga kaisipan. Maituturing ba itong problema?" Hindi ito maituturing na problema. Kalabisan na kung hilingin pa sa kanila na ganap nilang isantabi ang mga kasiyahan ng laman, maliban na sa mga espesyal na pagkakataon. Sa pangkalahatan, kapag binigyan mo ng trabahong gagawin ang gayong mga tao, malaki man o hindi ang trabaho, at isang bagay man ito na gusto nilang gawin o hindi, at kahit gaano man kahirap ang trabaho, o gaano kalaki ang paghihirap na kailangan nilang tiisin, o anuman ang halagang kailangan nilang ibayad, basta't itinalaga mo ito sa kanila, garantisadong gagawin nila ito sa abot ng kanilang makakaya nang hindi mo na kailangang bantayan o pangasiwaan sila. Ang gayong mga tao ay kayang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga, at ito ay isa pang pagpapamalas ng mga disenteng tao. Ano ang ibig sabihin ng kakayahang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga? Nangangahulugan ito ng pagiging masinsinan, pagiging labis na masugid at maasikaso, at pagiging handang magdusa ng anumang paghihirap at magbayad ng anumang halaga para magawa nang maayos ang mga bagay-bagay. Ang gayong mga tao, pagdating sa pagtapos ng mga gawain, ay tumutupad sa kanilang mga pangako at maaasahan sila, hindi katulad ng mga taong matakaw at walang ginagawa, na mahilig magliwaliw at napopoot sa trabaho, at inuuna ang pakinabang bago ang lahat ng bagay. Ang mga taong iyon ay hindi tumutupad sa kanilang mga pangako, palaging nagsasalita ng mga huwad na salita para linlangin at himukin ang iba, at hindi sila nag-aatubiling magsinungaling at gumawa ng mga huwad na panunumpa para makamit ang kanilang mga layon—hindi ililigtas ng Diyos ang mga taong iyon. Gusto ng Diyos ang matatapat na tao. Ang matatapat na tao lamang ang tumutupad sa kanilang salita at tapat sa kanilang mga tungkulin, at tanging ang mga kayang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga para matupad ang atas ng Diyos ang maaaring maligtas ng Diyos. Ang kakayahang magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga ay ang ikalawang katangian at pagpapamalas na dapat tinataglay ng isang tao para maiangat at malinang ng sambahayan ng Diyos. Ang ikatlong pamantayan ay ang pagiging hindi baluktot sa pag-arok ng isang tao. Ibig sabihin nito, pagkatapos makinig sa mga salita ng Diyos,

kahit papaano, nagagawa nilang alamin kung ano ang tinutukoy ng mga salita, nauunawaan nila ang mga sinasabi ng Diyos, at hindi nalihis o kakatwa ang kanilang pag-arok. Halimbawa, kung magsasalita ka tungkol sa kulay asul, hindi nila ito mapagkakamalan na kulay itim, at kung magsasalita ka tungkol sa kulay abo, hindi nila ito mapagkakamalan na kulay lila. Ito ang pinakamababang pamantayan. Kahit na baluktot minsan ang pag-arok nila, kapag tinutukoy ito ng iba, kaya nilang tanggapin ito, at kung nakikita nila na mas malinaw ang pag-arok ng iba kaysa sa kanila, agad nilang tatanggapin ito—ang ganitong uri ng tao ay may dalisay na pag-arok. Ikaapat, dapat hindi sila masasamang tao. Madali bang maunawaan ito? Ang hindi pagiging masamang tao ay nangangahulugang kailangang gawin ang isang bagay kahit papaano, na kung saan pagkatapos nilang mabigong tuparin ang hiniling sa kanila ng sambahayan ng Diyos, o malabag ang mga prinsipyo at makagawa ng mali, kailangang magawang tumanggap at magpasakop ng gayong mga tao kapag pinupungusan sila, nang hindi lumalaban at hindi nagkakalat ng pagiging negatibo o mga kuru-kuro. Dagdag pa rito, sa anumang grupo man sila nabibilang, kaya nilang pakisamahan ang karamihan ng mga tao at makipag-ugnayan sa mga ito nang may pagkakasundo. Kahit na may manakit sa kanila sa pamamagitan ng pagsasabi ng hindi kanais-nais na bagay, kaya nilang tiisin ito nang hindi naghihinakit, at kung may sinumang mang-api sa kanila, hindi nila pinarurusahan ang masama ng kasamaan, kundi gumagamit lang sila ng matatalinong paraan upang lumayo at umiwas. Bagama't bigong maging matatapat na tao ang gayong mga indibidwal, sa pinakamababa, sila ay mga taong medyo totoo at hindi gumagawa ng kasamaan, at kung may sinumang sumasalungat sa kanila hindi sila gumaganti o hindi nila ito pinapahirapan, ni sinusupil ito. Higit pa rito, ang gayong mga tao ay hindi nagtatangkang magtatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian, kumikilos nang kontra sa sambahayan ng Diyos, nagpapakalat ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, nagtatangkang manghusga sa Kanya, o gumagawa ng anumang bagay na nakagagambala o nagdudulot ng mga kaguluhan. Ang apat na punto sa itaas ay ang mga pangunahing pamantayan sa pag-aangat at paglilinang sa mga taong may talento, na may ilang kalakasan at nakauunawa ng ilang propesyonal na kasanayan. Basta't natutugunan nila ang apat na pamantayang ito, sa pangkalahatan ay maaari silang pumasan ng mga partikular na tungkulin at gumampan ng mga partikular na trabaho sa wastong paraan.

Maaaring itinatanong ng ilang tao: "Bakit hindi kasama sa mga pamantayan na dapat matugunan ng mga tao na may talento ang pag-unawa sa katotohanan, pagtataglay ng katotohanang realidad, at kakayahang matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan upang maiangat at malinang? Bakit hindi nila isinasama ang kakayahang makilala ang Diyos, magpasakop sa Diyos, maging tapat sa Diyos, at maging isang nilikha na pasok sa pamantayan? Napag-iwanan na ba ang mga bagay na ito?" Sabihin ninyo sa Akin, kung may isang tao na nakauunawa sa katotohanan at nakapasok na sa katotohanang realidad, at kayang magpasakop sa Diyos, at tapat sa Diyos, at

nagtataglay ng may-takot-sa-Diyos na puso, at higit pa rito, nakikilala ang Diyos, hindi lumalaban sa Kanya, at isang nilikha na pasok sa pamantayan, kailangan pa rin ba silang linangin? Kung talagang nakamit na nila ang lahat ng ito, hindi ba't naisakatuparan na ang bunga ng paglilinang? (Oo.) Samakatwid, hindi na kasama ang mga pamantayang ito sa mga hinihingi para maiangat at malinang ang mga taong may talento. Dahil ang mga kandidato ay iniaangat at nililinang mula sa mga tao na hindi nakauunawa sa katotohanan at puno ng mga tiwaling disposisyon, kaya imposible para sa mga kandidatong ito na iniaangat at nililinang na magkaroon na ng katotohanang realidad, o ganap nang nagpapasakop sa Diyos, lalo na ang maging ganap nang tapat sa Diyos, at tiyak na malayo pa rin sila sa pagkakakilala sa Diyos at sa pagkakaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso. Ang mga pamantayan na dapat tugunan higit sa lahat ng iba't ibang uri ng tao na may talento upang maiangat at malinang ay ang mga kababanggit lang natin—ito ang mga pinakamakatotohanan at mga pinakapartikular. Sinasabi ng ilang huwad na lider na, "Wala kaming sinumang tao na may talento rito na maaaring iangat at linangin. Hindi nauunawaan ni Ganito at ni ganyan ang katotohanan, ginagawa ni Ganito at ni ganyan ang mga bagay-bagay nang walang may-takot-sa-Diyos na puso, hindi matanggap ni Ganito at ni ganyan ang pagpupungos, walang katapatan si Ganito at si ganyan …" at kung ano-ano pa, pinupuna ang napakaraming kamalian. Ano ang ipinapahiwatig ng mga huwad na lider na ito sa pagsasabi ng ganitong mga bagay? Para bang hindi maaaring iangat at linangin ang mga taong iyon dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at hindi nararanasan ang gawain ng Diyos, at wala pa silang katotohanang realidad, at iba pa, samantalang ang mga lider mismo ay naging mga lider dahil mayroon na silang ilang praktikal na karanasan at nagtataglay ng katotohanang realidad. Hindi ba't iyon ang ibig sabihin ng mga huwad na lider na ito? Sa kanilang mga mata, walang sinuman ang kasinggaling nila, at walang ibang angkop na maging lider maliban sa kanila. Ito ang mayabang na disposisyon ng mga huwad na lider; pagdating sa pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos sa mga tao, puno sila ng mga kuru-kuro at imahinasyon.

III. Ang mga Kinakailangang Pamantayan Para sa mga Tauhan ng Gawain ng mga Pangkalahatang Usapin

Kababanggit Ko lang ng dalawang uri ng mga tao na tinututukan ng sambahayan ng Diyos na linangin. Ang isang uri ay mga tao na maaaring maging mga lider at manggagawa, at ang isa pang uri ay mga tao na kayang magsagawa ng iba't ibang propesyonal na gawain. May isa pang uri ng tao. Hindi sila maituturing na nagtataglay ng mga partikular na kalakasan o propesyonal na kasanayan; walang kaugnay na anumang modernong teknolohiya ang gawain nila, ibig sabihin, gumagampan ng mga partikular na gawain ng mga pangkalahatang usapin sa iglesia ang mga taong ito, hinaharap nila ang ilang usapin na hindi bahagi ng pangunahing gawain ng iglesia. Sila ang uri ng mga tao na nagsasagawa ng gawain ng mga pangkalahatang usapin. Ano

ang mga pangunahing hinihingi ng sambahayan ng Diyos para sa gayong mga tao? Ang pinakamahalagang hinihingi ay na kaya nilang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi nakikipagtulungan sa mga tagalabas sa ikapapahamak ng sambahayan ng Diyos, at hindi ipinagkakanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos para kunin ang loob ni Satanas. Iyon lang. Hindi mahalaga kung sila man ay mahusay makipag-usap, ang pinakamataas sa lipunan, o isang may espesyal na talento, dapat nilang magawang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos kapag nangangasiwa ng mga panlabas na usapin para sa sambahayan ng Diyos. Ano ang nakapaloob sa mga interes ng sambahayan ng Diyos? Pera, mga materyal, ang mga reputasyon ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia, at ang seguridad ng mga kapatid—napakahalaga ng bawat aspektong ito. Ang sinumang may kakayahang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos ay nagtataglay ng normal na pagkatao, at sapat na matuwid, at isang tao na handang isagawa ang katotohanan. Ang ilang tao ay walang pagkilatis, at sinasabing, “May isang tao na masama ang pagkatao, pero kaya niyang ipagtanggol ang gawain ng sambahayan ng Diyos.” Posible ba iyon? (Hindi ito posible.) Paano maipagtatanggol ng masasamang tao ang gawain ng sambahayan ng Diyos? Kaya lang nilang ipagtanggol ang sarili nilang mga interes. Kaya, kung tunay na kayang ipagtanggol ng isang tao ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, tiyak na siya ay may mabuting karakter at pagkatao; hindi ito puwedeng maging mali. Kung tinutulungan ng isang tao ang mga tagalabas sa ikapapahamak ng sambahayan ng Diyos kapag gumagawa ng mga bagay-bagay para sa sambahayan ng Diyos, at ipinagkakanulo ang mga interes nito, at hindi lamang nagsasanhi ng malalaking kawalan sa ekonomiya at materyal sa sambahayan ng Diyos, kundi nagdudulot din ng malaking pinsala sa mga reputasyon ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia, mabuting tao ba siya? Siguradong hindi mabuti ang gayong mga tao. Wala silang pakialam kung gaano kalaki ang mga materyal at pinansiyal na kawalang dinaranas ng sambahayan ng Diyos; ang pinakamahalaga sa kanila ay ang makinabang sila at makuha ang loob ng mga walang pananampalataya; hindi lang nila pinadadalhan ng mga regalo ang mga walang pananampalataya, kundi palagi rin nilang pinagbibigyan ang mga ito sa panahon ng mga negosasyon—hindi nila naiisip na ipaglaban ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, nagsisinungaling sila sa sambahayan ng Diyos, sinasabi kung paano nila isinakatuparan ang gawain, at ipinagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos—habang sa katunayan, dumanas na ng mga kawalan ang gawain ng iglesia, at labis na sinamantala ng mga walang pananampalataya ang sambahayan ng Diyos. Kung, sa lahat ng aspekto, nagagawang ipagtanggol ng isang tao ang mga interes ng sambahayan ng Diyos habang nangangasiwa sa mga panlabas na usapin, mabuting tao ba ang taong ito? (Oo.) At kaya, kung ang ganitong klaseng tao ay walang kakayahang gumawa ng anumang ibang gawain sa sambahayan ng Diyos, at angkop lamang para sa ganitong uri ng gawain ng mga pangkalahatang usapin, dapat ba silang iangat ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Bilang karagdagan sa pagtataglay ng kapabilidad sa

gawain, at kakayahang isagawa ang kanilang gawain alinsunod sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, nagagawa rin nilang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, kaya pasok sa pamantayan, at dapat na iangat ang gayong mga tao. Sa kabilang dako, iyong mga palaging nagdudulot ng pinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, na palaging may dalang potensiyal na panganib sa seguridad ng mga kapatid, at palaging nagdudulot ng masasamang epekto at kahihinatnan sa mga reputasyon ng sambahayan ng Diyos at ng iglesia—hindi dapat iangat o linangin ang gayong mga tao; kung iniaangat at ginagamit sila, kailangan silang tanggalin kaagad. Mayroon ding ilang tao na palaging nagkakaproblema habang ginagawa ang mga gawain nila, tulad ng pagkakaroon ng mga aksidente kapag nagmamaneho, kapalpakan sa mga usaping pinangangasiwaan nila, o pagdudulot ng hindi pagkakasundo na nagreresulta sa walang tigil na pagrereklamo, at kung may anumang mga kapintasan hindi nila alam kung paano ayusin ang mga ito. Ang gayong mga tao ay may mahinang pag-iisip, at nagdadala rin ng kamalasan, at mga walang kuwenta. Kung ang ganitong uri ng tao ay magiging lider ng pangkat, superbisor, lider o manggagawa, hindi lang siya agad dapat tanggalin, kundi dapat din siyang paalisin sa iglesia. Ito ay dahil ang ganitong uri ng tao ay parang sumpa at nagdadala ng kamalasan. Hangga't may isa o dalawang ganitong tao sa iglesia, hindi magkakaroon ng kapayapaan sa iglesia. Parang may masasamang espiritu sa loob nila, o may salot ang gayong mga tao. Ang sinumang magkakaroon ng kaugnayan sa kanila ay magdurusa ng kamalasan, kaya dapat maalis kaagad ang ganitong uri ng tao. Maging ang mga katangian ng mukha ng mga taong ito ay pawang mali, puno ng pagkatuso o maladiyablong katangian o sobrang pangit, at ang sinumang nakikipag-ugnayan sa kanila ay makararamdam na para bang may masamang mangyayari. Ang ganitong uri ng mga tao ay dapat tanggalin at paalisin, at saka lang magiging maayos ang mga bagay-bagay sa iglesia. Ang pag-aangat at paglilinang ng iba't ibang tao sa iglesia ay nangangailangan ng pagsunod sa mga prinsipyo at ng paggamit ng pagkilatis, upang kumilos alinsunod sa mga prinsipyo. Sa iba't ibang uri ng mga taong iniaangat at nililinang, mayroong mga nagsisilbi bilang mga lider ng iglesia at manggagawa, iyong mga responsable para sa iba't ibang propesyon sa iglesia, at gayundin iyong mga nangangasiwa ng mga pangkalahatang usapin para sa iglesia. Ang iba't ibang pamantayan na dapat tugunan nitong ilang uri ng mga taong may talento ay malinaw ring napagbahaginan. Kapag malinaw sa inyo ang mga prinsipyo kung paano maghalal ng mga lider at manggagawa at kung paano mag-angat at maglinang ng mga tao, papasok sa tamang landas ang lahat ng gawain ng iglesia.

Maaaring nagtatanong ang ilang tao, "Bakit tinatawag na may talento ang mga taong ito na iniaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos?" Ang mga tao na may talento na tinutukoy natin ay ang mga kandidato para sa pag-aangat at paglilinang. May iba't ibang hinihingi para sa mga taong may kakayahang gumawa ng iba't ibang tungkulin, at dahil sila ay nasa proseso ng pag-aangat at paglilinang, sapat nang natutugunan nitong tinatawag na mga taong may talento ang mga pamantayang kababanggit lang natin.

Hindi magiging makatotohanan na umasang mayroon nang katotohanang realidad ang mga taong ito, na mapagpasakop at tapat na, at na may takot na sila sa Diyos. Kaya, ang mga taong may talento na pinag-uusapan natin ay iyong mga nagtataglay lang ng ilang katangian at integridad na nararapat taglayin ng mga taong may normal na pagkatao, at ng kakayahang maarok ang katotohanan—sa gayong paraan, itinuturing silang kalipikado. Hindi ibig sabihin nito na nauunawaan na nila ang katotohanan at nakapasok sa katotohanang realidad, ni hindi ibig sabihin nito na natamo na nila ang ganap na pagpapasakop sa Diyos matapos tanggapin ang Kanyang paghatol at pagkastigo, at ang mga bagay na gaya nito. Siyempre, ang terminong “mga taong may talento” ay hindi tumutukoy sa mga nakatapos sa unibersidad o kumuha ng Ph.D., o sa mga taong may mga pribilehiyadong pamilya na pinagmulan o mataas na katayuan sa lipunan, o sa mga taong may mga espesyal na abilidad o kaloob—hindi ito tumutukoy sa ganitong mga tao. Dahil iaangat at lilinangin sila, maaaring hindi pa kailanman nagawa o napag-aralan dati ng ilang tao na gagampan ng propesyonal na gawain ang propesyong iyon, ngunit hangga’t natutugunan nila ang ilang pamantayang iyon para sa pag-aangat at paglilinang, at handa silang matuto at mahusay sila sa pag-aaral ng isang partikular na propesyon, maaari silang iangat at linangin ng sambahayan ng Diyos. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Hindi Ko ibig sabihin na maaari lamang iangat at linangin ang isang tao kung likas na mahusay siya sa isang partikular na propesyon. Bagkus, ito ay kung mayroon siyang kagustuhang matuto at magtaglay ng mga kondisyon, o kahit magtaglay lang siya ng ilang pangunahing kaalaman sa propesyong ito, kung gayon, maaari siyang iangat at linangin—ito ang prinsipyo. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa mga pamantayang dapat matugunan ng iba’t ibang taong may talento na gustong iangat at linangin ng sambahayan ng Diyos.

Ang mga Pakay ng Sambahayan ng Diyos sa Pagtataguyod at Paglilinang sa Lahat ng Uri ng Taong May Talento

Sunod, pagbabahaginan natin kung bakit inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang lahat ng uri ng taong may talento. Hindi ito lubos na nauunawaan ng ilang tao, at iniisip, “Hindi ba’t magiging sapat para sa sambahayan ng Diyos na diretsong iangat at gamitin na lamang ang iba’t ibang taong may talento? Bakit kailangan pa nitong linangin at sanayin sila sa loob ng ilang panahon?” Nauunawaan ba ninyo ito o hindi? Pag-usapan muna natin ang uri ng mga tao na nagiging mga lider at manggagawa. Bakit inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang mga may abilidad na makaarok, na nagbubuhat ng pasanin para sa iglesia, at nagtataglay ng kapabilidad sa gawain? Ito ay dahil bagama’t kalipikado sila pagdating sa kanilang kakayahan at natutugunan nila ang mga pamantayan, wala pa silang tunay na karanasan at hindi nila nauunawaan ang katotohanan, lalong hindi nila alam kung paano isagawa ang katotohanan at gawin ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo. Kailangan silang sanayin sa loob ng ilang panahon at bigyan ng gabay, at kapag nakabisado na nila ang mga prinsipyo sa

paggawa ng kanilang tungkulin at nagkaroon ng tunay na karanasan, saka pa lang sila maaaring pormal na magagamit. Kung katulad sila ng mga kapatid sa iglesia, na kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nakikinig sa mga sermon, namumuhay sa buhay ng iglesia, at nagsasanay sa paggawa ng isang tungkulin, at iniaangat at nililinang lamang kapag lumago na ang buhay nila, magiging napakabagal ng kanilang pag-usad. Sa gayong kaso, ilang taon ang aabutin bago sila maging angkop na gamitin ng Diyos? Hindi ba nito maaapektuhan ang gawain ng iglesia? Kaya, hangga't may abilidad ang isang tao na maarok ang katotohanan, nagtataglay ng kapabilidad sa gawain, at may pagpapahalaga sa pasanin, dapat silang iangat at linangin at hilinging magsanay sa paggawa ng tungkulin ng isang lider o ng isang manggagawa, at bigyan ng pasanin. Sa isang banda, nagagawa nilang mapakinabangan ang kanilang mga kalakasan. Sa kabilang banda, kapag nahaharap sila sa mga espesyal na sitwasyon, kinakailangang makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan para malutas ang kanilang mga paghihirap. Kailangan din silang mapungusan minsan, at kung kinakailangan, dapat din silang disiplinahin at isailalim sa maraming pagsubok at pagpipino, at magtiis ng labis na paghihirap. Sa pamamagitan lamang ng pagsasailalim sa gayong praktikal na pagsasanay sila maaaring tunay na makauusad, at unti-unting makauunawa sa katotohanan at makakabisado ang mga prinsipyo, at pagkatapos ay papasanin ang gawain ng mga lider at manggagawa sa lalong madaling panahon. Ang ganitong paraan ng paglilinang at pagsasanay sa mga lider at manggagawa ay magbubunga ng mas magagandang resulta at magiging mas mabilis, na kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos at mas makabubuti sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, sapagkat kayang direktang diligan at tustusan ng mga lider at manggagawang may praktikal na karanasan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang isang tao para maging lider, binibigyan siya ng sambahayan ng Diyos ng mas mabigat na pasanin para sanayin siya, para sumandal siya sa Diyos, at para magsumikap siya sa katotohanan; saka lamang mabilis na lalago sa lalong madaling panahon ang kanyang tayog. Kapag mas mabigat ang pasaning ibinigay sa kanya, mas matinding kagipitan ang nararanasan niya, at mas napipilitan siyang hanapin ang katotohanan at umasa sa Diyos. Sa huli, magagawa niya ang kanyang gawain nang maayos at masusunod ang kalooban ng Diyos, at sa gayon ay tatapak siya sa tamang landas ng pagkaligtas at pagiging nagawang perpekto—ito ang epektong nakakamtan kapag inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang mga tao. Kung hindi sa paggawa ng mga partikular na gampaning ito, hindi nila malalaman kung ano ang kulang sa kanila, hindi nila malalaman kung paano gawin ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo, at hindi nila malalaman ang ibig sabihin ng magtaglay ng katotohanang realidad. Kaya, natutulungan sila ng paggawa ng partikular na gawain na matuklasan ang kanilang mga pagkukulang at makita na, bukod sa kanilang mga kaloob, wala silang katotohanang realidad; natutulungan sila nitong madama kung gaano sila kahirap at kaawa-awa, ipinapatanto sa kanila na kung hindi sila aasa sa Diyos at hindi

nila hahanapin ang katotohanan, hindi nila makakaya ang anumang gawain; ginagawa sila nitong tunay na makilala ang kanilang sarili at malinaw na makita na kung hindi nila hahangarin ang katotohanan at ang mga pagbabago sa kanilang disposisyon, magiging imposible para sa kanila na maging angkop para gamitin ng Diyos. Ang mga ito ang lahat ng epektong dapat makamtan kapag nililinang at sinasanay ang mga lider at manggagawa. Sa pamamagitan lamang ng pag-unawa sa mga aspektong ito makakayang hangarin ng mga tao ang katotohanan nang may praktikal na saloobin, umaasal nang hindi nagpapasikat, makatitiyak na hindi na magyabang tungkol sa kanilang sarili kapag ginagawa ang gawain nila, at patuloy na dinadakila ang Diyos at nagpapatotoo sa Diyos sa paggawa ng kanilang tungkulin, at unti-unting papasok sa katotohanang realidad. Kapag iniaangat at nililinang ang isang tao para maging lider, binibigyang-kakayahan siya na matutuhan kung paano makilatis ang mga kalagayan ng iba't ibang tao, sinasanay sa paghahanap sa katotohanan para lutasin ang mga paghihirap ng iba't ibang tao, at sa pagsuporta at pagtustos sa iba't ibang uri ng tao, at inaakay ang mga ito tungo sa katotohanang realidad. Kasabay nito, dapat din silang magsanay sa paglutas ng iba't ibang problema at paghihirap na nararanasan sa gawain, at matuto kung paano kikilalanin at pakikitunguhan ang iba't ibang uri ng mga anticristo, masasamang tao, at mga hindi mananampalataya, at kung paano gagawin ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia. Sa ganitong paraan, kumpara sa iba, mas marami silang mararanasan sa mga tao, pangyayari, at bagay-bagay, at mas maraming kapaligirang inihahanda ng Diyos, at mas maraming salita ng Diyos ang makakain at maiinom nila, at makapapasok sa mas marami pang katotohanang realidad. Isa itong pagkakataon para sanayin ang kanilang sarili, hindi ba? Kapag mas maraming pagkakataon sa pagsasanay, mas marami ang karanasan ng mga tao, mas malawak ang kanilang mga kabatiran, at mas mabilis silang lalago. Kung hindi gagawin ng mga tao ang gawain ng pamumuno, gayumpaman, ang dadanasin at pagdadaanan nila ay magiging bahagi lang ng kanilang mga personal na buhay at ng kanilang personal na mga karanasan, at ang makikilala lang nila ay ang mga personal na tiwaling disposisyon nila at iba't ibang personal na kalagayan—lahat ng ito ay nauugnay lang sa sarili nila. Sa sandaling maging mga lider sila, nahaharap sila sa mas maraming tao, pangyayari, at kapaligiran, na naghihikayat sa kanila na palaging lumapit sa Diyos para hanapin ang mga katotohanang prinsipyo. Para sa kanila, hindi namamalayang nagiging pasanin ang mga tao, pangyayari, at bagay na ito, at likas din na lumilikha ng labis na mga kanais-nais na kondisyon para sa kanilang pagpasok sa katotohanang realidad, na isang mabuting bagay. At kaya, ang isang taong nagtataglay ng kakayahan, nagbubuhat ng pasanin, at may kapabilidad sa gawain ay mabagal na makapapasok bilang isang ordinaryong mananampalataya, at mas mabilis bilang isang lider o manggagawa. Para sa mga tao, mabuting bagay ba na makapasok sa katotohanang realidad nang mabilis, o nang mabagal? (Mabilis.) Samakatwid, pagdating sa mga taong nagtataglay ng kakayahan, nagbubuhat ng pasanin, at may kapabilidad sa gawain, gumagawa ng eksepsiyon ang

sambahayan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aangat sa gayong mga tao, maliban na lang kung hindi sila mga taong naghahangad sa katotohanan at nagsusumikap tungo sa katotohanan, sa gayong kaso, hindi sila pipilitin ng sambahayan ng Diyos. Hangga't ang isang tao ay may pundasyon ng pananampalataya sa Diyos, tumutugon sa mga pamantayan ng pagiging isang lider o manggagawa, at handang maghangad sa katotohanan at magamit ng Diyos, kung gayon, walang dudang iaangat at lilinangin siya ng sambahayan ng Diyos, bibigyan siya ng pagkakataon na magsanay bilang lider o manggagawa, at bibigyan siya ng kakayahang matutuhang gawin ang gawain ng iglesia, at matutuhang kumilatis ng mga tao, at matutuhang harapin ang iba't ibang problema sa iglesia, at matutuhang isagawa ang iba't ibang trabaho ayon sa mga pagsasaayos ng gawain. Sa panahon ng pagsasanay, kung kayang tanggapin ng mga tao ang katotohanan at ang mapungusan, kayang magpasakop sa pamamatnugot at mga pagsasaayos ng Diyos, kayang hanapin ang katotohanan para lutasin ang iba't ibang problema, at matutong tratuhin ang lahat ng uri ng tao at makilala at pakitunguhan ang lahat ng uri ng tao ayon sa mga salita ng Diyos, kung gayon, mauunawaan nilang mabuti ang mga nauugnay na katotohanang prinsipyo, at mauunawaan ang katotohanan at makapapasok sa realidad—ang mga ito ay mga bagay na hindi mararanasan o makakamit ng mga ordinaryong mananampalataya. Kaya, mula sa ganitong pananaw, mabuti ba o masama para sa sambahayan ng Diyos na iangat at linangin ang isang tao? Kapaki-pakinabang ba ito sa kanya, o isa ba itong paghihirap na ipinilit sa kanya? Kapaki-pakinabang ito sa kanya. Siyempre, kapag bago pa lang na naiaangat ang ilang tao, hindi nila alam kung anong mga gampanin ang dapat nilang gawin o kung paano gawin ang mga ito, at medyo nalilito sila. Normal lang ito; sino ba ang ipinanganak na may kakayahang gawin ang lahat ng bagay? Kung kaya mong gawin ang lahat, tiyak na ikaw ang magiging pinakamayabang at pinakapalalo sa mga tao, at hindi ka susuko kaninuman—sa gayong kaso, kaya mo pa rin bang tanggapin ang katotohanan? Kung kaya mong gawin ang lahat, aasa ka pa rin ba sa Diyos at titingala sa Kanya? Hahanapin mo pa rin ba ang katotohanan para lutasin ang mga problema ng iyong sariling katiwalian? Tiyak na hindi. Sa kabaligtaran, magiging mayabang at palalo ka at tatahak sa landas ng mga anticristo, makikipaglaban ka para sa kapangyarihan at katayuan at hindi susuko kaninuman, at ililihis at bibitagin mo ang mga tao, at gagambalain at guguluhin ang gawain ng iglesia—sa gayong kaso, magagamit ka pa rin ba ng sambahayan ng Diyos? Kung alam mong marami kang pagkukulang, dapat kang matutong sumunod at magpasakop, at gawin nang maayos ang iba't ibang gampanin ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos; magpapahintulot ito sa iyo na unti-unting maabot ang punto kung saan magagawa mo ang iyong tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan. Pero karamihan sa mga tao ay hindi kayang gumawa ng napakasimpleng bagay gaya ng pagsunod at pagpapasakop, kaya hindi nila dapat sisihin ang sambahayan ng Diyos sa hindi pag-aangat at paglilinang sa kanila. Dahil wala kang kakayahang sumunod, dahil maging ang pagsunod ay hindi mo magawa,

maglalakas-loob ba ang sambahayan ng Diyos na iangat at linangin ka? (Hindi.) At bakit hindi? Ang paggamit sa iyo ay masyadong mapanganib, masyadong abala, at masyadong nakababahala! Dahil kung sakaling gamitin ka ng sambahayan ng Diyos, baka kontrolin mo ang mga tao at akayin sila tungo sa landas ng kabuktutan—kaya napakamapanganib nito. Kung gagamitin ka, baka walang pakundangan kang gagawa ng mga maling gawa at lubusan mong guguluhin ang gawain, at kakailanganin kang tanggalin ng sambahayan ng Diyos at linisin ang lahat ng gulong ginawa mo—kaya napakalaking abala nito. At kung gagamitin ka, hindi mo malalaman kung paano gawin ang anumang gawain, at wala kang magiging anumang epekto sa gawain mo; sa lahat ng gawaing ginagawa mo, kailangan kang himukin, pangasiwaan, at subaybayan ng ang Itaas, na kailangang makialam sa lahat ng bagay—kaya, bakit ka gagamitin? Masyado kang nakababahala! Ang ganitong klase ng tao ay talagang hindi puwedeng gamitin. Kahit linangin pa ang mga ito, wala rin itong magiging silbi, at magdudulot lang ng malaking abala at makaaapekto rin sa paglilinang ng iba; hindi ba't magiging mas matimbang ang mga kawalan kaysa sa mga pakinabang? (Oo.)

Ang ilang tao, dahil hindi sila kailanman iniangat o ginamit ng sambahayan ng Diyos, nagkakaroon ng mga ideya sa isipan nila at nagsasabing, "Bakit ni minsan ay hindi ako napapansin ng ang Itaas? Bakit ni minsan ay hindi ako inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos? Hindi ito patas!" Kung gayon, dapat mo munang timbangin kung kaya mo bang sumunod, at kung kaya mo bang magpasakop sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Pangalawa, dapat mong timbangin kung natutugunan mo ang tatlong pamantayan na hinihingi para maiangat at malinang ng sambahayan ng Diyos ang mga tao na maging mga lider at manggagawa—may kakayahang maarok ang katotohanan, nagbubuhat ng pasanin, at nagtataglay ng kapabilidad sa gawain. Kung natutugunan mo ang mga pamantayang ito, sa malao't madali ay magkakaroon ka ng pagkakataon na maiangat, malinang, at magamit. Para maiangat ka ng sambahayan ng Diyos, may mga bagay na hinihingi sa iyo. At ano ang mga bagay na ito? Kinakailangan mong kumilos ayon sa mga prinsipyo at hinihingi ng sambahayan ng Diyos; dapat mong gawin ang hinihingi sa iyo, at sa paraang hinihingi, nang sa gayon ay malinang ka na matuto munang kumilos sa paraang may prinsipyo, at matutong hanapin ang katotohanan at magpasakop sa katotohanan, at matutong makipagtulungan nang may pagkakaisa. Sa panahon ng paglilinang sa iyo, pupungusan ka paminsan-minsan ng sambahayan ng Diyos; paminsan-minsan, mahigpit kang sasawayin; paminsan-minsan, magtatanong ito tungkol sa pag-usad ng iyong gawain; paminsan-minsan, tatanungin ka nito kung kumusta na mismo ang gawain, at susuriin ang iyong gawain; at paminsan-minsan, susubukin nito kung ano ang pananaw mo sa isang partikular na bagay. Ang pakay ng mga pagsubok na ito ay hindi para pahirapan ka, kundi para ipaunawa sa iyo, sa mga bagay na ito, kung ano ang mga layunin ng Diyos, at kung anong saloobin at mga prinsipyo ang dapat mong taglayin. Ginagawa ito ng sambahayan ng Diyos para sanayin ka at himukin kang magsagawa. At ano ang pakay at layon ng pagsasanay ng

mga tao? Ito ay para ipaunawa sa kanila ang katotohanan. Ang pakay ng pag-unawa sa katotohanan ay para magawa ng mga tao na magpasakop sa katotohanan at kumilos alinsunod sa mga prinsipyo, para manatili sa kanilang posisyon at tapat na tuparin ang kanilang tungkulin, at, sa proseso ng paggawa ng kanilang tungkulin, para makapasok sa iba't ibang katotohanang realidad at magkamit ng mga pagbabago sa kanilang disposisyon. Ganito sinasanay ng sambahayan ng Diyos ang mga lider at manggagawa. Hangga't nauunawaan ng mga lider at manggagawa ang katotohanan, may pag-asang magagabayan nila ang hinirang na mga tao ng Diyos na maunawaan ang katotohanan. Gaano man karaming katotohanan ang nauunawaan ng mga lider at manggagawa, ganoon karaming katotohanan ang may pag-asang maunawaan ng mga taong ginagabayan nila. Kapag naaarok ng mga lider at manggagawa ang mga katotohanang prinsipyo sa kanilang gawain, maaarok din ng mga ginagabayan nila ang mga prinsipyo at makapapasok ang mga ito sa katotohanang realidad sa gawain ng mga ito. Samakatwid, kailangang magtaglay ng mas mahusay na kakayahan kaysa sa ibang tao ang mga lider at manggagawang sumasailalim sa pagsasanay. Binibigyang-kakayahan muna sila na maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo at makapasok muna sa katotohanang realidad, at pagkatapos, mas maraming tao ang ginagabayan nila sa pagpasok sa katotohanang realidad at pag-unawa sa mga katotohanang prinsipyo. Ano ang palagay mo sa ganitong pamamaraan? (Mabuti ito.) Maaaring hindi gaanong nakapag-aral o hindi magaling magsalita ang gayong mga tao, o maaaring wala silang maraming nauunawaan tungkol sa teknolohiya o mga kasalukuyang usapin at politika. Maaaring hindi rin sila ganoon kahusay sa partikular na propesyon. Pero kaya nilang maunawaan ang katotohanan, at pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos, kaya nilang isagawa at danasin ang mga ito, at kayang hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, at kayang gabayan ang mas maraming tao sa pagpasok sa realidad ng mga salita ng Diyos at sa pagsunod ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ang tinutukoy natin kapag pinag-uusapan natin ang uri ng mga taong may talento na iniaangat at nililinang para maglingkod bilang mga lider. Abstrakto ba ito? (Hindi.) Maaaring itinatanong ng ilang tao: "Nagsasalita ka tungkol sa mga taong may talento, kung gayon, sila ba ang mga pinakamataas sa lipunan? Dapat bang sila ay nakapagpatakbo na ng isang negosyo, o naging isang CEO o negosyante sa lipunan? Sila ba ay mga estadista na may karanasan sa politika, o mga magaling sa negosyo, o may mga talento sa larangan ng sining at literatura? Sila ba ay mga taong napakatalino?" Ang mga taong may talento na binabanggit sa sambahayan ng Diyos ay naiiba sa mga taong may talento sa mundo sa labas. Ano ang ibig sabihin ng terminong "mga taong may talento" na binabanggit natin? Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng kakayahang maunawaan ang katotohanan, pagkakaroon ng kakayahang gumabay sa mga tao tungo sa katotohanang realidad, at kaalaman kung paano kumilatis ng iba't ibang uri ng tao, at kung paano lumutas ng iba't ibang kalagayan at suliranin na kinasasangkutan ng mga tao, at pagkakaroon ng mga tamang pananaw at saloobin kapag nahaharap sa mga isyu,

at pagtataglay ng mga pananaw at saloobin na dapat mayroon ang mga taong nananampalataya sa Diyos at sumusunod sa Kanya. Hindi ito tumutukoy sa mga taong walang espirituwal na pang-unawa, o sa mga taong mapagpaimbabaw, o sa mga taong nagsasabi ng mga magagarbong salita at naglilitanya ng retorika. Sa halip, tumutukoy ito sa mga taong may katotohanang realidad. Ito ang ibig sabihin ng “mga taong may talento.” Ito ba ay hungkag? (Hindi.) Hindi ba’t napakapraktikal ng mga pamantayang ito na hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa ganitong mga uri ng taong may talento na iniaangat at nililinang nito para maging mga lider at manggagawa? (Oo.) Sobrang praktikal! Hindi hinihingi na magkaroon ng mataas na antas ng pinag-aralan ang gayong mga kandidato, subalit kailangang mayroon sila ng kakayahan kahit papaano na makaarok sa katotohanan. Maaaring sinasabi ng ilang tao: “Kung hindi nila kailangan ng mataas na antas ng pinag-aralan, ayos lang ba na hindi sila marunong magbasa at magsulat?” Hindi posibleng makababasa ng mga salita ng Diyos kung walang kaunting edukasyon. Kailangan nilang maunawaan ang nakasulat na salita, pero hindi kailangan ng mataas na antas ng pinag-aralan. Kasama sa mga iniaangat sa sambahayan ng Diyos ay ang mga nagtapos ng high school, kolehiyo, at Ph.D., kaya, walang mga limitasyon pagdating sa antas ng pinag-aralan. Dagdag pa rito, wala ring mga limitasyon sa katayuan ng isang tao sa lipunan. Mula sa mga magsasaka at mga intelektuwal, hanggang sa mga negosyante at mga maybahay—lahat ng uri ng tao ay tinatanggap. Bukod sa walang mga limitasyon sa antas ng edukasyon at katayuan sa lipunan, ang mga hinihinging pamantayan ay iyong ilan na nabanggit Ko. Makatwiran ba iyon? (Oo.) Sobrang makatwiran! Ngayon, nauunawaan mo na ba nang kaunti kung ano ang ibig Kong sabihin sa “mga taong may talento na inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos”? (Oo.) Ang mga taong nakatutugon sa ilang pamantayang ito ng pagkakaroon ng kakayahang maarok ang katotohanan, pagbubuhat ng pasanin, at pagkakaroon ng kapabilidad sa gawain ay mga kandidato sa pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos. Kung natutugunan nila ang mga pamantayang ito, kalipikado sila. Pagdating sa ibang bagay tulad ng edukasyon, pinagmulan na pamilya, katayuan sa lipunan, hitsura, at iba pa, hindi ganoon kataas ang mga hinihingi. Ito ay tungkol sa pag-aangat at paglilinang sa mga tao para maging mga lider at manggagawa.

Katatalakay lang natin ang tungkol sa ilang pamantayan na dapat tugunan ng mga taong may talento na may mga kasanayan o propesyon upang maiangat at malinang sila. Kabilang sa mga ito ay na dapat mahal nila ang mga positibong bagay at kayang tanggapin ang katotohanan, hindi maging baluktot sa kanilang pag-arok, kayang maging tapat sa paggawa ng kanilang tungkulin, magdusa ng paghihirap at magbayad ng halaga nang walang pagrereklamo, at sa pinakamababa, hindi gumawa ng kasamaan—mahalaga ang ilang pamantayang ito pagdating sa mga taong ito. Kung gayon, ano ang pakay sa pag-aangat at paglilinang sa mga taong ito? Gayundin, ito ay upang sa tuwing mahaharap sa mga problema ang mga taong ito habang ginagampanan ang kanilang tungkulin at gumagawa ng partikular na gawain, maaari nilang hanapin ang katotohanan

para lutasin ang mga problema, at kumilos alinsunod sa mga prinsipyo. Sa proseso ng pagsasagawa ng pagpasok, hindi namamalayang sinasanay at kinokontrol sila, at sinasanay na bitiwan ang sarili nilang mga layunin, ituwid ang mga mali at kakatwang pananaw nila sa mga makamundong tao, bitiwan ang ilang isip-batang kaisipan, at bitiwan ang mga pagkiling, kuru-kuro, at imahinasyon tungkol sa pananalig sa Diyos, at mga bagay na tulad niyon. Siyempre, anuman ang mangyari, ang prosesong ito ng pagsasanay ay naglalayon na unti-unting makaunawa ang mga tao sa katotohanan, matutong magpasakop, at matutong pumasok sa iba't ibang katotohanang realidad. Sa proseso ng pagkatuto, unti-unti nilang nakakabisado ang mga katotohanang prinsipyo, nalalaman kung ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos, at kung ano ang ibig sabihin ng pagsasagawa ng katotohanan, at kung ano ang ibig sabihin ng paggampan ng tungkulin, at sa huli, unti-unti nilang nauunawaan kung ano ang dapat nilang gawin para magampanan ang kanilang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan, kung paano nila dapat gawin ang mga bagay-bagay gaya ng nararapat gawin ng isang mananampalataya, at iba pa—ang lahat ng ito ay mga bagay na unti-unting pinapasok ng mga tao matapos silang maiangat at malinang. Ang proseso ng unti-unting pagpasok ng mga tao ay ang proseso ng paglilinang, at ang proseso ng paglilinang, sa katunayan, ay ang proseso ng pagsasagawa ng mga tao ng pagpasok sa katotohanang realidad. Ngunit kung hindi ka pa naiangat at nalinang, at kumikilos ka lang bilang ordinaryong mananampalataya na dumadalo sa mga pagtitipon, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, nagbabahagi tungkol sa katotohanan, o natututo ng mga himno, sa pananampalataya sa Diyos sa ganitong paraan ay hindi mo tunay na tinutupad ang tungkulin mo bilang isang nilikha, kaya malayong ginagawa mo ang tungkulin mo sa paraang pasok sa pamantayan. Ni hindi malinaw sa iyo kung anong mga prinsipyo ang dapat mong maarok sa paggawa ng tungkulin mo, at kaya lang magsalita ng mga doktrina at islogan; samakatwid, hindi ka pa nakapapasok sa katotohanang realidad, at mabagal ang pagpasok mo sa buhay. Gayundin, ang pakay at layon ng pag-aangat at paglilinang sa mga taong ito na nakikilahok sa mga propesyonal na gampanin ay para mas mabilis silang makapasok sa katotohanang realidad at magkamit ng mas maayos at mas tumpak na pag-arok sa mga katotohanang prinsipyo. Ang mga nakaaarok sa mga katotohanang prinsipyo at nakapapasok sa katotohanang realidad—sila ang mga taong may talento na iniaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos. Ano ang tinutukoy ng ganitong uri ng taong may talento? Ito ay iyong mga tao na—batay sa pagmamahal sa mga positibong bagay, at kakayahang magdusa ng mga paghihirap at magbayad ng halaga, at pagiging hindi baluktot sa kanilang pag-arok, at hindi pagiging masasamang tao—nagtamo ng pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo at nakapasok sa katotohanang realidad, at nagawang magpasakop sa Diyos at sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at mayroong medyo may-takot-sa-Diyos na puso. Ito ang ikalawang uri ng mga taong may talento na tinutukoy Ko. Ang mga hinihingi para sa kanila ay praktikal din, sapat na tiyak, at hindi abstrak. Kung gayon, ang ganitong uri ba

ng mga taong may talento ay kinakailangan na maging ang pinakamataas sa lipunan, at may karanasan sa pakikisalamuha, at may partikular na antas ng pinag-aralan, at may partikular na katayuan sa lipunan? (Hindi.) Hindi kailanman hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa mga tao na magkaroon ng katayuan sa lipunan, bantog, antas ng pinag-aralan o mataas na antas ng kaalaman—hindi kailanman hinihingi ang mga bagay na ito. Sa pag-aangat at paglilinang ng mga tao, hindi tinitingnan ng sambahayan ng Diyos ang anyo nila, ibig sabihin, kung gaano sila kapangit o kaganda. Maliban sa hindi pag-aangat sa mga uri ng tao na mukhang mga walang pananampalataya, o mga mukhang kakila-kilabot o buktot, ang iba pang mga pamantayan ay iyong mga kababanggit Ko lang—ito ang mga pinakapraktikal. Kapag inaangat ng mga walang pananampalataya ang isang tao, tinitingnan muna nila ang hitsura ng tao; dapat guwapo ang mga lalaki, parang mga opisyal, at dapat maganda ang mga babae, parang mga diwata. Dagdag pa rito, ikinukumpara rin nila ang mga antas ng pinag-aralan, katayuan sa lipunan, pinagmulan ng pamilya, at katusuhan ng mga tao. Kung mataas ang antas ng pinag-aralan mo pero wala kang katusuhan, hindi ka rin papasa; hindi ka kailanman maiaangat at walang magpapahalaga sa iyo. Kung mataas ang antas ng pinag-aralan mo at may tunay na talento, pero hindi gaanong kagandahan o kagwapuhan, at hindi matangkad, at hindi marunong mambola o makipaglapit sa mga nakatataas sa iyo, hindi ka kailanman maiaangat o malilinang hangga't nabubuhay ka, at walang sinuman ang makatutuklas sa iyo. Kaya, ang mga walang pananampalataya ay may ganitong kasabihan, "Maraming maliliksing kabayo, pero iilan lang ang nakakakilala sa mga ito." Totoo ba ito sa sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, totoo ba ang kasabihang "Sa kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang"? May batayan ba ito? (Wala.) Madalas itong sinasabi ng mga taong mapangutya at hindi sumusuko sa kaninuman. Palaging gustong magningning—ito ay isang ambisyon ng tao. Ang iba't ibang uri ng mga taong may talento na iniaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ay hindi ginto; mga ordinaryong tao lamang sila. Ang pag-aangat at paglilinang na tinatalakay natin ay isa lamang paraan ng pagsasalita; sa katunayan, tumutukoy ito sa pagtataas ng Diyos. Ikaw ba, na isang nilikha, ay ginto sa harap ng Lumikha? Isa ka lang alabok, ni hindi ka man lang tanso o bakal. Bakit Ko sinasabing alabok ka sa halip na ginto? Walang anumang kapuri-puri tungkol sa mga tao. Maaaring tinatanong ng ilan: "Hindi ba't taliwas ang sinabi Mo? Hindi ba't kasasabi Mo lang na maaaring maiangat ang isang tao kung natutugunan niya ang pamantayan ng pagmamahal sa mga positibong bagay?" Bilang isang tao, hindi ba't dapat mong mahalin ang mga positibong bagay? Kung mahal mo ang ilang positibong bagay, ginagawa ka ba nitong ginto? Pinagniningning ka ba nito? Kung mahal mo ang ilang positibong bagay, nangangahulugan ba ito na mayroon kang katotohanan? Tanging sa pagkakaroon ng katotohanan nagniningning ang isang tao. Kung wala sa iyo ang katotohanan, paano masasabing nagniningning ka? Ang katunayan ay na walang nauunawaang anumang katotohanan ang isang nilikha. Ang pagtataglay ng kaunting pagkatao, at ng kaunting abilidad at kakayahan na umarok

sa katotohanan ay hindi nangangahulugan na likas na taglay ng isang tao ang katotohanan. Hindi nagtataglay ng katotohanan ang mga tao, at kahit na matuwid o mabuti ang pagkatao nila, hindi katotohanan ang mga bagay na ito—ang mga ito ay mga katangian lang na dapat taglayin ng may normal na pagkatao. Kaya, huwag magsalita ng tungkol sa pagniningning. Kung gayon, kailan maaaring magningning nang kaunti ang isang tao? Kapag kaya na niyang bigkasin ang mga salita ni Job, “Si Jehova ang nagbigay, at si Jehova ang nag-alis; purihin ang pangalan ni Jehova” (Job 1:21), doon masasabi na nagniningning siya nang kaunti at namumuhay sa liwanag. Kapag kaya mong gamitin ang katotohanang realidad na tinataglay mo at ang katotohanang nauunawaan mo para tustusan, suportahan, at pamunuan ang iba, nang sa gayon ay madala sila sa harap ng Diyos at sa katotohanang realidad, magpasakop sa Diyos, at sumamba sa Diyos, saka ka pa lamang maaaring magningning nang kaunti.

Ang iba’t ibang uri ng mga taong may talento na nililinang ng sambahayan ng Diyos ay hindi mga taong may pambihirang kaloob—sila ay mga ordinaryo, tiwaling tao lamang. Basta’t kaya nilang tanggapin ang katotohanan, sumunod at magpasakop, at nagtataglay sila ng partikular na kakayahan, kung gayon, gagawa ng eksepsiyon ang sambahayan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aangat at paglilinang sa kanila. Kapag nagsasalita Ako ng tungkol sa paggawa ng eksepsiyon para iangat at linangin ang mga tao, tungkol ito sa pagtataas ng Diyos, tungkol ito sa pagbibigay sa iyo ng pagkakataon na humarap sa Diyos at tanggapin ang pamumuno ng Diyos, at tanggapin ang paglilinang at pagsasanay ng Diyos sa iyo, para sa panahong ito ay makapasok ka sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon at magawang tumpak na maarok ang mga katotohanang prinsipyo, magawa ang iyong tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan, at mamuhay nang may wangis ng isang tao. Ito ang ibig sabihin ng terminong “mga taong may talento” sa sambahayan ng Diyos. Ni katiting ay hindi malaki at kahanga-hanga ang gayong mga tao, nauunawaan lamang nila ang katotohanan at nagtataglay ng katotohanang realidad, at kaya nilang gawin ang kanilang tungkulin nang may konsensiya at responsable, at may kaunting sinseridad at kaya nilang magbayad ng kaunting halaga, at hindi kumikilos nang walang pakundangan batay sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Sa paggawa ng eksepsiyon sa pamamagitan ng pag-aangat at paglilinang sa mga taong nakatutugon sa mga pamantayang ito, at pagsasanay sa kanila, nararapat ba itong gawin ng sambahayan ng Diyos? Kapaki-pakinabang ba ito sa mga tao? Lubos itong kapaki-pakinabang sa mga tao! Katulad ng ibang mananampalataya, ang mga iniaangat at nililinang ay nananampalataya sa Diyos, at nagbabasa sila ng mga salita ng Diyos, at nakikinig sa mga sermon, at gumagawa ng kanilang tungkulin, ngunit kumpara sa ibang mananampalataya, mas mabilis silang lalago at magkakamit ng higit pa. Gusto ba ninyong magkamit ng higit pa, o magkamit ng kaunti lang? (Magkamit ng higit pa.) Karamihan ng tao ay may ganitong pagnanais, na nangangahulugang mahal nila ang mga positibong bagay. Minsan, nakikipagbahaginan Ako sa ilang pangkat tungkol sa buhay pagpasok, at marami-rami ang nakikilahok

para makinig, na nagpapakita na karamihan ay may masidhing pagnanais para sa katotohanan, at handang maunawaan nang higit pa ang katotohanan, at handa ring pumasok sa katotohanang realidad. Sa simula, nakipagbahaginan Ako sa ilang tao at talagang manhid sila. Nagsalita Ako nang mahabang oras pero hindi sila tumugon, o nagpakita man lang ng kahit katiting na pahiwatig ng pagngiti. Matapos ang isa o dalawang taon ng pakikisalamuha sa kanila, naging mas natural ang mga ekspresyon ng mukha nila at tumutugon na ang karamihan sa kanila, at sa paglipas ng panahon, medyo mas mabilis na ang kanilang mga tugon. Ibig sabihin, mula sa pagiging patay, sila ay naging buhay at nagising ang kanilang mga espiritu. Paano ito nangyari? Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan, kahit gaano pa nila kamahal ang mga positibong bagay, o kahit gaano pa sila katalino o kamautak, mga patay na tao pa rin sila. Ang ilang tao ay nagsisimula bilang hangal at mapurol ang isip, walang sinuman sa mundo ang may mataas na tingin sa kanila, at wala rin silang gaanong pinag-aralan at hindi gaanong malawak ang kanilang kaalaman at karanasan. Pero pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos, nakauunawa na sila ng maraming katotohanan at nakakikita na ng maraming bagay nang malinaw, at pagkatapos ay naisasabuhay ang wangis ng mga tao, kaya sila nagiging buhay na mga tao. Ano ang ibig sabihin ng “buhay na mga tao”? Hindi ito tungkol sa kung buhay o patay ang iyong pisikal na katawan, o kung kayang gumalaw o huminga ng katawan mo, kundi ito ay kung may kamalayan at sensitibo sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan ang iyong espiritu. Tumutugon sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos ang mga buhay na tao. Pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos, nagkakaroon sila ng kamalayan, landas, plano, at layon. Walang ganitong mga pagpapamalas ang mga patay na tao. Kaya, kung inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang isang tao, mas higit pang magkakamit ang taong ito. Kung gayon, paano makakapagkamit nang sapat ang mga taong hindi nakatutugon sa mga pamantayang ito at hindi iniaangat o nililinang? Paano sila mabilis na makapapasok sa katotohanang realidad? Kailangan nilang matutong isagawa at danasin ang mga salita ng Diyos, magtamo ng pagkaunawa sa maraming katotohanan, at magawa ring gamitin ang katotohanan para makilatis ang mga tao at malutas ang mga problema—saka sila makapapasok sa katotohanang realidad.

Sinasabi ng ilang tao: “Dahil inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang iba’t ibang uri ng mga taong may talento at pinahihintulutan silang makapasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon, hindi ba’t ibig sabihin niyon ay hindi makapapasok sa katotohanang realidad ang mga taong walang talento?” Tama ba na sabihin iyon? (Hindi, mali ito.) Kung gayon, pagkatapos ng pagbabahaginan tungkol sa paksang ito, pinasabik ba nito ang ilang tao habang nasisiraan ng loob at binibigo ang iba? Dapat ganito ito tingnan ng isang tao: Hindi dapat magmalaki ang mga taong iniangat at nilinang. Wala kang dapat ipagyabang, biyaya at pagpapala ito ng Diyos. Kapag binibigyan ka ng Diyos nang higit pa, hinihingi rin Niya na higit mong ibigay ang iyong sarili. Kung gumagawa ng eksepsiyon ang sambahayan ng Diyos sa pamamagitan

ng pag-aangat at paglilinang sa iyo, nangangahulugan ito na kailangan mong magbayad ng mas malaking halaga. Kung kaya mong pagdusahan ang paghihirap na ito, siyempre, mas marami kang makakamit. Kung sasabihin mo, “Ayaw kong magdusa sa paghihirap na ito,” hindi mo makakamit ang katotohanan, ni ang pagpapala ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Gusto kong makamit ang mga bagay na iyon pero sa tingin ko ay hindi ko kaya, dahil hindi naman gagawa ng eksepsiyon ang sambahayan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-aangat at paglilinang sa akin. Hindi ko natutugunan ang mga pamantayan.” Hindi mahalaga kung hindi mo natutugunan ang mga pamantayan. Basta’t hinahangad mo ang katotohanan at nagsusumikap para dito, hindi ka tatratuhin ng Diyos nang hindi patas. Nakakapasok lang sa katotohanang realidad nang mas maaga ang mga taong ito na iniaangat at nililinang dahil sa kanilang kakayahan at dahil sa kanilang iba’t ibang kondisyon. Gayumpaman, ang maagang pagpasok na ito ay hindi nangangahulugang sila lang ang makakapasok sa katotohanang realidad. Ibig lang sabihin nito ay maaari silang magkamit nang medyo mas maaga, at makakapasok sa katotohanang realidad nang medyo mas maaga. Ang mga hindi naiangat ay medyo mahuhuli nang kaunti sa kanila, pero hindi ito nangangahulugan na hindi na sila makakapasok sa katotohanang realidad. Kung makakapasok o hindi ang isang tao sa katotohanang realidad ay nakadepende sa kanilang mga paghahangad. Itong mga taong iniangat at nilinang ay mas mabilis na nakakaarok sa mga katotohanang prinsipyo at mas mabilis na nakakapasok sa katotohanang realidad habang nasa proseso ng paglilinang, na kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Kaya, tama lang na iangat at linangin ang mga taong natutuklasan na may mahusay na kakayahan at nagmamahal sa katotohanan. Kung matutuklasan ng isang tao ang mga taong ito at iaangat at lilinangin niya sila nang hindi sila kinaiinggitan o pinapabagsak, sa halip ay inaalagaan sila, kung gayon, isinasaalang-alang niya ang mga layunin ng Diyos. Sa kabaligtaran, kung ang ilang tao ay naiinggit at nag-aalala na mas mahusay ang mga taong ito kaysa sa kanila at nahihigitan sila, kaya’t ibinubukod at pinapabagsak nila ang mga ito, malinaw na isa itong masamang kilos at isang bagay na kadalasang ginagawa ng mga anticristo. Tanging ang masasamang tao at mga anticristo ang makakagawa ng pang-aatake at pagbubukod sa mga kapatid.

Ang Pang-unawa at Saloobin na Dapat Taglayin ng Isang Tao Tungkol sa Pagtataguyod at Paglilinang ng Sambahayan ng Diyos sa mga Tao

Ang pinagbahaginan natin ngayon lang ay ang mga pakay ng sambahayan ng Diyos sa pag-aangat at paglilinang sa iba’t ibang uri ng mga taong may talento. Anuman ang uri ng gawaing ginagawa ng mga napiling iangat at linangin—ito man ay teknikal na gawain, ordinaryong gawain, o mga pangkalahatang usapin sa iglesia—sa madaling salita, ang lahat ng ito ay alang-alang sa pagbibigay-daan sa kanila na maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo at makapasok sa katotohanang realidad, at upang magawa nila ang kanilang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan sa lalong madaling

panahon para matugunan ang mga layunin ng Diyos—ito ang hinihingi ng Diyos sa mga tao, at siyempre, ito rin ang kinakailangan para sa gawain ng iglesia. Nauunawaan mo na ba ngayon ang kahalagahan ng pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos sa iba't ibang uri ng mga taong may talento? Mayroon pa rin bang anumang maling pagkaunawa? (Wala.) Sinasabi ng ilang tao, "Ngayong iniangat na ang taong ito bilang isang lider, at may katayuan, hindi na siya isang ordinaryong tao." Tama ba o mali na sabihin ito? (Mali ito.) Maaaring sinasabi ng iba: "May katayuan ang mga nagiging lider, pero malungkot sa itaas. Kung gaano kataas ang lipad, gayon din ang lagapak pagbagsak!" Tama ba o mali na sabihin ito? Malinaw na mali ito. Sinong mga tao ang tinutukoy ng kasabihang "Kung gaano kataas ang lipad, gayon din ang lagapak pagbagsak"? Tumutukoy ito sa mga taong may mga ambisyon at pagnanais, tumutukoy ito sa mga anticristo. Kapag naging mga lider ang mga naghahangad sa katotohanan, hindi iyon mataas na pag-akyat—ito ay pagbibigay ng Diyos ng eksepsiyon sa pamamagitan ng pagtataas sa kanila, at ang pagpapala ng Diyos ang naglalagay ng pasaning ito sa kanila at nagpapahintulot sa kanila na gawin ang gawain ng pamumuno. Ang "Kung gaano kataas ang lipad, gayon din ang lagapak pagbagsak" ay isang kongklusyong ginawa ng mga walang pananampalataya, at inilalarawan nito ang mga kahihinatnan ng paghahangad ng mga walang pananampalataya ng isang propesyon sa pagiging opisyal. Walang pagkilatis ang mga hindi mananampalatayang iyon at ginagamit nila ang kasabihang ito sa mga positibong tao, na isang malubhang pagkakamali. Maaaring sinasabi ng ilang tao: "Ipinanganak siya sa probinsiya, at ngayon siya ay naging lider na ng iglesia—isang mataas na agilang nagmula sa hamak na kalagayan." Tama ba o mali na sabihin ito? Ito ang mga maladiyablong salita ng mga walang pananampalataya at hindi maaaring gamitin sa hinirang na mga tao ng Diyos. Sa sambahayan ng Diyos, pinagpapala ng Diyos ang mga naghahangad sa katotohanan, ang matatapat, ang mga may mabubuting kalooban, at ang mga nagtatanggol sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa sandaling maunawaan ng mga taong ito ang katotohanan at magkamit ng kaunting tayog, sila ay iaangat para sa paglilinang at pagsasagawa sa malao't madali, para palitan iyong mga huwad na lider at anticristo. Sa sambahayan ng Diyos, ang mga positibong tao na sumailalim sa maraming pagsubok at tukso at patuloy na nagtatanggol sa gawain ng sambahayan Diyos ay mga taong nakatutugon sa pagsang-ayon ng Diyos, at hindi magiging akma na gamitin ang mga maladiyablong salita ng mga walang pananampalataya para ilarawan ang mga taong ito. Kaya, iyong mga palaging gumagamit ng mga maladiyablong salita ng mga walang pananampalataya para ilarawan ang mga usapin sa sambahayan ng Diyos at para ipahayag ang sarili nilang mga pananaw ay mga taong hindi nauunawaan ang katotohanan at may mga kakatwang pananaw sa mga bagay-bagay. Hindi man lang nagbabago ang mga pananaw nila sa mga bagay-bagay, at nananatiling mga pananaw ng mga walang pananampalataya, at ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos, subalit wala man lang silang anumang nakamit na katotohanan, at hindi pa rin nila kayang tingnan ang mga bagay-bagay ayon

sa mga salita ng Diyos—kaya, ang mga taong ito ay mga hindi mananampalataya at mga walang pananampalataya. Kapag iniaangat ang isang tao para magsilbing lider o manggagawa, o nililinang siya para maging superbisor ng ilang uri ng teknikal na gawain, ito ay walang anuman kundi pagkakatiwala sa kanya ng sambahayan ng Diyos ng isang pasanin. Ito ay isang atas, isang responsabilidad, at siyempre, isa rin itong espesyal na tungkulin, isang espesyal na oportunidad, at ito ay isang natatanging pagtataas—walang anumang kapuri-puri tungkol sa kanya. Kapag ang isang tao ay iniaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos, hindi ibig sabihin niyon na mayroon siyang espesyal na posisyon o katayuan sa sambahayan ng Diyos, kaya maaari na siyang magtamasa ng espesyal na pagtrato at pabor. Sa halip, pagkatapos niyang natatanging maitaas ng sambahayan ng Diyos, binibigyan siya ng mga napakagandang kondisyon para makatanggap ng pagsasanay sa sambahayan ng Diyos, para makapagsanay sa paggawa ng ilang mahalagang gawain sa iglesia, at kasabay niyon, ang sambahayan ng Diyos ay magkakaroon ng mas matataas na hinihinging pamantayan para sa taong ito, na labis na kapaki-pakinabang sa kanyang buhay pagpasok. Kapag iniaangat at nililinang ang isang tao sa sambahayan ng Diyos, ibig sabihin ay magiging mahigpit ang mga hinihingi sa kanya at maigting siyang pangangasiwaan. Mahigpit na iinspeksiyonin, pangangasiwaan, at isusulong ng sambahayan ng Diyos ang gawaing ginagawa niya, at mauunawaan at bibigyang-pansin ang kanyang buhay pagpasok. Mula sa mga pananaw na ito, nagtatamasa ba ang mga taong iniaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ng espesyal na pagtrato, espesyal na katayuan, at espesyal na posisyon? Hindi talaga, at lalo nang hindi sila nagtatamasa ng anumang espesyal na posisyon. Para sa mga taong naiangat at nalinang, kung pakiramdam nila ay mayroon silang kapital na bunga ng medyo epektibong paggawa nila sa kanilang tungkulin, at kaya humihinto at tumitigil sa paghahangad ng katotohanan, kung gayon, manganganib sila kapag nahaharap sa mga pagsubok at kapighatian. Kung masyadong maliit ang tayog ng mga tao, malamang na mawawalan sila ng kakayahang manindigan. Sinasabi ng ilan, “Kung ang isang tao ay iniaangat at nililinang bilang isang lider, mayroon siyang posisyon. Kahit hindi siya isa sa mga panganay na anak, kahit papaano ay may pag-asa siyang maging isa sa mga tao ng Diyos. Hindi pa ako naiangat o nalinang kahit kailan, kaya wala ba akong pag-asang maging isa sa mga tao ng Diyos?” Maling mag-isip sa ganitong paraan. Para maging isa sa mga tao ng Diyos, dapat magkaroon ka ng karanasan sa buhay, at dapat kang maging isang taong nagpapasakop sa Diyos. Hindi mahalaga kung ikaw ay lider, manggagawa, o ordinaryong tagasunod, sinumang nagtataglay ng mga katotohanang realidad ay isa sa mga tao ng Diyos. Kahit isa kang lider o manggagawa, kung wala kang mga katotohanang realidad, isa ka pa ring trabahador. Sa katunayan, walang espesyal sa mga taong iniaangat at nililinang. Ang tanging bagay na naiiba sa iba ay ang pagkakaroon nila ng mas kanais-nais na kapaligiran, mas kanais-nais na pagkakataon, at mas maayos na mga kondisyon para gumawa ng partikular na gawaing may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo. Kahit

na ang karamihan sa gawain mo ay may kinalaman sa isang partikular na propesyon, kung walang mga katotohanang prinsipyo na magkokontrol at magsusuri dito, hindi aayon sa mga prinsipyo ang tungkuling gagawin mo, at ikaw ay nagtatrabaho lamang, at tiyak na hindi mo matatanggap ang pagsang-ayon ng Diyos. Ano ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos para sa iba't ibang taong may talento na iniaangat at nililinang? Upang maiangat at malinang ng sambahayan ng Diyos, sa pinakamababa, kailangang sila ay mga taong may konsensiya at katwiran, mga taong kayang tumanggap sa katotohanan, mga taong tapat na gumagawa sa kanilang tungkulin, at mga taong kayang magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, at sa pinakamababa, kailangang magawa nilang tumanggap at magpasakop kapag nahaharap sila sa pagpupungos. Ang resultang dapat makamit ng mga taong sumasailalim sa paglilinang at pagsasanay ng sambahayan ng Diyos ay hindi para maging mga opisyal o amo sila, o pamunuan ang grupo, at hindi para payuhan nila ang mga tao sa paraan ng kanilang pag-iisip, at siyempre, lalong hindi para magkaroon sila ng mas mahusay na mga propesyonal na kasanayan o mas mataas na antas ng edukasyon, o mas mataas na reputasyon, o na para maihalintulad sila sa mga sikat sa mundo dahil sa kanilang mga propesyonal na kasanayan o mga tagumpay sa politika. Sa halip, ang resultang dapat makamtan ay na maunawaan nila ang katotohanan at maisabuhay ang mga salita ng Diyos, at na sila ay mga taong may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan. Habang nagsasanay sila, nauunawaan nila ang katotohanan at naaarok ang mga katotohanang prinsipyo, at mas tumpak na nalalaman kung ano ang pananalig sa Diyos at kung paano sumunod sa Diyos—lubos itong kapaki-pakinabang para sa mga naghahangad sa katotohanan para makamit ang pagiging perpekto. Ito ang epekto at pamantayan na nais matamo ng sambahayan ng Diyos sa pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng mga taong may talento, at ito rin ang pinakamalaking bungang naaani ng mga taong iniangat at ginamit.

Ginagawa ng ilang tao ang kanilang tungkulin nang medyo responsable at sinasang-ayunan sila ng mga hinirang ng Diyos, kaya't nililinang sila ng iglesia para maging mga lider o manggagawa. Pagkatapos magtamo ng katayuan, nagsisimula silang makaramdam na namumukod-tangi sila sa karamihan at iniisip, "Bakit ako ang pinili ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba't dahil mas mahusay ako kaysa sa inyong lahat?" Hindi ba't parang ganito ang sasabihin ng isang bata? Ito ay pagiging isip-bata, katawa-tawa, at walang-muwang. Sa katunayan, ni katiting ay hindi ka mas mahusay kaysa sa ibang tao. Sadyang natutugunan mo lang ang mga pamantayan para malinang ng sambahayan ng Diyos. Makakaya mo mang pasanin ang responsabilidad na ito o hindi, ang gawin nang maayos ang tungkuling ito o tapusin ang ipinagkatiwalang ito ay ibang usapan. Kapag ang isang tao ay nahalal ng mga kapatid na maging lider, o iniangat ng sambahayan ng Diyos para gawin ang isang tiyak na gawain o gampanan ang isang tiyak na tungkulin, hindi ito nangangahulugan na mayroon siyang espesyal na katayuan o posisyon, o na ang mga katotohanang nauunawaan niya ay mas malalim at mas

marami kaysa sa ibang mga tao—lalo nang hindi ito nangangahulugan na ang taong ito ay kayang magpasakop sa Diyos, at hindi Siya ipagkakanulo. Tiyak na hindi rin ito nangangahulugan na kilala niya ang Diyos, at isa siyang taong may takot sa Diyos. Sa katunayan, hindi niya natamo ang anuman dito. Ang pag-aangat at paglilinang ay pag-aangat at paglilinang lamang sa prangkang salita, at hindi katumbas nito na pauna na siyang inorden at na sinang-ayunan siya ng Diyos. Ang pag-aangat at paglilinang sa kanya ay nangangahulugan lamang na iniangat na siya, at naghihintay na malinang. At ang huling kalalabasan ng paglilinang na ito ay depende sa kung hinahangad ng taong ito ang katotohanan, at kung kaya niyang piliin ang landas ng paghahangad ng katotohanan. Samakatwid, kapag iniaangat at nilinang ang isang tao sa iglesia para maging lider, iniaangat at nililinang lamang siya sa literal na paraan; hindi ito nangangahulugan na pasok na siya sa pamantayan at mahusay bilang isang lider, na kaya na niyang gampanan ang gawain ng pamumuno, at kayang gawin ang tunay na gawain—hindi ganoon. Hindi malinaw na nakikilatis ng karamihan sa mga tao ang mga bagay na ito, at batay sa sarili nilang mga imahinasyon ay tinitingala nila ang mga iniangat. Isa itong pagkakamali. Kahit ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos, taglay nga ba talaga ng mga iniangat ang katotohanang realidad? Maaaring hindi. Nagagawa ba nilang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos? Maaaring hindi. Mayroon ba silang pagpapahalaga sa responsabilidad? Tapat ba sila? Kaya ba nilang magpasakop? Kapag may nakakaharap silang isang isyu, nagagawa ba nilang hanapin ang katotohanan? Walang nakakaalam sa lahat ng ito. Mayroon bang may-takot-sa-Diyos na puso ang mga taong ito? At gaano kalaki ang may-takot-sa-Diyos na puso nila? Nagagawa ba nilang iwasang sundin ang sarili nilang kalooban kapag gumagawa sila ng mga bagay-bagay? Magagawa ba nilang hanapin ang Diyos? Sa panahon na ginagampanan nila ang gawain ng pamumuno, nagagawa ba nilang madalas na humarap sa Diyos para hanapin ang mga layunin ng Diyos? Naaakay ba nila ang mga tao sa katotohanang realidad? Tiyak na wala silang kakayanan sa gayong mga bagay. Hindi pa sila nakakatanggap ng pagsasanay at wala pa silang sapat na mga karanasan, kaya wala silang kakayanan sa mga bagay na ito. Ito ang dahilan kung bakit ang pag-aangat at paglilinang sa isang tao ay hindi nangangahulugang nauunawaan na niya ang katotohanan, ni hindi nito sinasabi na kaya na niyang gawin ang kanyang tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan. Kaya, ano ang pakay at kabuluhan ng pag-aangat at paglilinang sa isang tao? Ito ay na ang taong ito ay iniaangat bilang isang indibidwal, para makapagsagawa siya, at para siya ay espesyal na madiligan at magsanay, na nagbibigay-daan sa kanya na maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, at ang mga prinsipyo, kaparaanan, at sistema ng paggawa ng iba't ibang bagay at ng paglutas sa iba't ibang problema, gayundin kung paano pangasiwaan at harapin ang iba't ibang uri ng kapaligiran at mga taong nakakaharap niya alinsunod sa mga layunin ng Diyos, at sa paraan na pumoprotekta sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Batay sa mga puntong ito, ang mga taong may talento na iniaangat at nililinang ng sambahayan ng

Diyos ay mayroon bang sapat na kakayanang isagawa ang kanilang gawain at gampanan nang maayos ang kanilang tungkulin sa panahon ng pag-aangat at paglilinang o bago ang pag-aangat at paglilinang? Siyempre wala. Samakatwid, hindi maiiwasan na, sa panahon ng paglilinang, mararanasan ng mga taong ito ang pagpupungos, paghatol at pagkastigo, paglalantad at maging ang pagtatanggal; ito ay normal, ito ay pagsasanay at paglilinang. Hindi dapat magkaroon ng anumang mataas na ekspektasyon ang mga tao o mga hindi makatotohanang hinihingi sa mga iniaangat at nililinang; hindi makatwiran iyan, at hindi patas sa kanila. Maaari ninyong pangasiwaan ang kanilang gawain. Kung may matuklasan kayong mga problema o bagay na labag sa mga prinsipyo habang gumagawa sila, maaari ninyong ipaalam ang isyu at hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga bagay na ito. Ang hindi ninyo dapat gawin ay husgahan, kondenahin, atakihin, o ibukod sila, dahil nasa panahon pa lang sila ng paglilinang, at hindi dapat ituring na mga taong nagawang perpekto, lalo nang hindi mga taong walang kasalanan, o bilang mga taong nagtataglay ng katotohanang realidad. Gaya ninyo, sila ay nasa panahon pa lang ng pagsasanay. Ang pagkakaiba ay na mas marami silang gawaing ginagawa at responsabilidad kaysa sa mga ordinaryong tao. May responsabilidad at obligasyon silang gumawa ng mas maraming gawain; kailangang magbayad sila ng mas malaking halaga, higit pang magdusa ng paghihirap, mas magsumikap sa pag-iisip, lumutas ng mas maraming problema, magtiis sa mas maraming pamumuna ng mga tao, at siyempre, dapat silang gumugol ng higit na pagsisikap, at—kumpara sa mga ordinaryong taong gumagawa ng kanilang mga tungkulin—dapat mas kakaunti ang tulog nila, magtamasa sila ng mas kakaunti ng mabubuting bagay, at hindi sila masyadong makipagtsismisan. Ito ang espesyal sa kanila; maliban dito, katulad sila ng sinumang iba pa. Ano ang layunin ng pagsasabi Ko nito? Ito ay para ipaalam sa lahat na dapat nilang harapin nang tama ang iba't ibang uri ng taong may talento na iniaangat at nililinang sa sambahayan ng Diyos, na hindi sila dapat maging malupit sa kanilang mga hinihingi sa mga taong ito, at, siyempre, na hindi rin sila dapat maging hindi makatotohanan sa kanilang pananaw tungkol sa mga ito. Kahangalan ang labis na paghanga at pagtingala sa kanila; hindi makatao at hindi makatotohanan ang malupit na humingi nang labis sa kanila. Kaya, ano ang pinakamakatwirang paraan ng pagtrato sa kanila? Ito ay ang ituring sila bilang mga karaniwang tao at, kapag kailangan mong kumonsulta sa isang tao tungkol sa isang problema, ang makipagbahaginan sa kanila at matuto mula sa mga kalakasan ng bawat isa at punan ang isa't isa. Dagdag pa rito, responsabilidad ng lahat na pangasiwaan ang mga lider at manggagawa para tingnan kung gumagawa ba sila ng tunay na gawain, kung kaya ba nilang gamitin ang katotohanan upang lumutas ng mga problema; ito ang mga pamantayan at prinsipyo sa pagsukat kung ang isang lider o manggagawa ba ay pasok sa pamantayan. Kung ang isang lider o manggagawa ay kayang harapin at lutasin ang mga pangkalahatang problema, may kakayahan siya. Ngunit kung hindi man lamang niya kayang harapin at ayusin ang mga ordinaryong problema, hindi siya angkop na maging lider o manggagawa, at dapat alisin kaagad sa kanyang posisyon.

Kailangang may mapiling iba, at hindi dapat maantala ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang pag-antala sa gawain ng sambahayan ng Diyos ay pananakit sa sarili at sa iba; hindi ito makakabuti kahit kanino.

May ilang tao na iniaangat at nililinang ng iglesia, tumatanggap ng magandang pagkakataon na magsanay. Mabuting bagay ito. Masasabi na itinaas at biniyayaan sila ng Diyos. Kaya, paano nila dapat gawin ang kanilang tungkulin? Ang unang prinsipyo na dapat nilang sundin ay ang maunawaan ang katotohanan—kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan, dapat nilang hanapin ang katotohanan, at kung hindi pa rin nila nauunawaan matapos ang paghahanap nang mag-isa, maaari silang humanap ng isang taong nakauunawa sa katotohanan para makipagbahaginan at maghanap kasama nila, na gagawing mas mabilis at napapanahon ang paglutas sa problema. Kung magtutuon ka lang sa paggugol ng mas maraming oras sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos nang mag-isa, at sa paggugol ng mas maraming oras sa pagninilay sa mga salitang ito, para magkamit ng pagkaunawa sa katotohanan at malutas ang problema, napakabagal nito; ayon nga sa kasabihan, “Ang mga mabagal na lunas ay hindi kayang tumugon sa mga agarang pangangailangan.” Pagdating sa katotohanan, kung nais mong umunlad kaagad, dapat mong matutuhan kung paano makipagtulungan nang matiwasay sa iba, at magtanong ng mas maraming katanungan at mas maghanap pa. Saka lamang mabilis na lalago ang iyong buhay, at magagawa mong malutas ang mga problema nang agaran, nang walang anumang pagkaantala sa alinman. Dahil kaaangat mo pa lang at nasa probasyon ka pa rin, at hindi tunay na nauunawaan ang katotohanan o taglay ang katotohanang realidad—dahil wala ka pa rin ng tayog na ito—huwag mong isipin na ang pagkakaangat mo ay nangangahulugang taglay mo na ang katotohanang realidad; hindi iyon ganoon. Ito ay dahil lang sa ikaw ay may pagpapahalaga sa pasanin sa gawain at nagtataglay ng kakayahan ng isang lider kaya ka napiling iangat at linangin. Kailangan may ganito kang katwiran. Kung, matapos kang iangat at maging lider o manggagawa, sinimulan mong igiit ang iyong katayuan, at maniwala na isa kang taong naghahangad sa katotohanan at na taglay mo ang katotohanang realidad—at kung, kahit ano pa ang mga problemang mayroon ang mga kapatid, nagkukunwari kang nauunawaan mo, at na espirituwal ka—kung gayon ay isa itong kahangalan, at katulad ito ng mga mapagpaimbabaw na Pariseo. Dapat magsalita at kumilos ka nang totoo. Kapag hindi mo nauunawaan, maaari kang magtanong sa iba o maghanap ng pagbabahagi mula sa ang Itaas—walang nakakahiya tungkol sa alinman dito. Kahit hindi ka magtanong, malalaman pa rin ng ang Itaas ang totoo mong tayog, at malalaman na wala sa iyo ang katotohanang realidad. Ang marapat mong gawin ay ang maghanap at makipagbahaginan; ito ang katwiran na dapat makita sa normal na pagkatao, at ang prinsipyo na dapat sundin ng mga lider at manggagawa. Hindi ito isang bagay na dapat ikahiya. Kung iniisip mo na kapag naging lider ka na ay nakakahiyang hindi mo nauunawaan ang mga prinsipyo, o ang palaging magtanong sa ibang tao o sa ang Itaas, at natatakot kang mamaliitin ka ng ibang tao, at kaya nagkukunwari ka dahil dito,

nagpapanggap na nauunawaan mo ang lahat, na alam mo ang lahat, na mayroon kang kapabilidad sa gawain, na kaya mong gawin ang anumang gawain ng iglesia, at hindi mo kailangan ang sinuman para magpaalala o magbahagi sa iyo, o sinuman para tustusan o suportahan ka, kung gayon, mapanganib ito, at masyado kang mayabang at nag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba, masyadong walang katwiran. Ni hindi mo alam ang sarili mong sukat—hindi ka ba nito ginagawang isang tao na magulo ang isip? Ang gayong mga tao ay hindi talaga natutugunan ang mga pamantayan ng pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos, at sa malao't madali ay tatanggalin at ititiwalag sila. At kaya, dapat malinaw sa bawat lider o manggagawa na kaaangat pa lang na wala silang katotohanang realidad, dapat mayroon silang ganitong kamalayan sa sarili. Ikaw ngayon ay isa nang lider o manggagawa hindi dahil itinalaga ka ng Diyos, kundi dahil ikaw ay iniangat ng ibang mga lider at manggagawa, o dahil inihalal ng hinirang na mga tao ng Diyos; hindi ito nangangahulugan na mayroon kang katotohanang realidad at tunay na tayog. Kapag nauunawaan mo ito, magkakaroon ka ng kaunting katwiran, na siyang katwiran na dapat taglayin ng mga lider at manggagawa. Naiintindihan mo na ba ngayon? (Oo.) Kung gayon, paano mismo kayo dapat gumawa ng gawain? Paano ninyo dapat isagawa ang maayos na pakikipagtulungan? Paano ninyo dapat hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga problema sa tuwing nahaharap kayo sa mga ito? Dapat na maunawaan ang mga bagay na ito. Kung nabunyag ang mga tiwaling disposisyon, hanapin ninyo ang katotohanan at lutasin ang mga ito sa lalong madaling panahon. Kung hindi nalutas ang mga ito sa tamang oras at nakaapekto sa gawain ninyo, problema ito. Kung hindi kayo pamilyar sa isang propesyon, dapat din kayong mag-aral agad-agad. Dahil nangangailangan ng propesyonal na kaalaman ang ilang tungkulin, kung nauunawaan lang ninyo ang katotohanan nang walang pagkakaarok sa anumang propesyonal na kaalaman, maaapektuhan din nito ang mga resulta ng inyong gawain. Kahit papaano, dapat may naaarok at nauunawaan kayong kaunting pangunahing propesyonal na kaalaman, para maging epektibo kayo sa pagsusubaybay at pagpapatnubay sa gawain ng mga tao. Kung dalubhasa lang kayo sa isang propesyon pero hindi nakakaunawa sa katotohanan, magkakaroon din ng mga kakulangan sa gawain ninyo, kaya, kakailanganin din ninyong hangarin ang katotohanan at makipagtulungan sa mga taong nakakaunawa sa katotohanan para magawa ninyo nang maayos ang inyong tungkulin. Dahil lang sa dalubhasa ka sa mga propesyonal na kasanayan o sa isang partikular na larangan ng kaalaman, hindi ito nangangahulugang nakakagawa ka ng mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo, kaya mahalagang makipagbahaginan sa mga taong nakauunawa sa katotohanan—ito ay isang prinsipyong dapat ninyong sundin. Anuman ang ginagawa ninyo, hindi kayo dapat magpanggap. Nasa panahon ka ng pagsasanay at paglilinang, at mayroon kang tiwaling disposisyon, at hindi mo talaga nauunawaan ang katotohanan. Sabihin mo sa Akin, alam ba ng Diyos ang mga bagay na ito? (Oo.) Kaya, hindi ba't magmumukha kang hangal kung magpapanggap ka? Gusto ba ninyong maging hangal na mga tao? (Ayaw namin.) Kung ayaw ninyong

maging hangal na mga tao, anong uri ng mga tao dapat kayo? Maging mga tao na may katwiran, mga taong kayang mapagpakumbabang hanapin ang katotohanan at tanggapin ang katotohanan. Huwag magpanggap, huwag maging mapagpaimbabaw na mga Pariseo. Kaunting propesyonal na kaalaman lang ang alam mo, hindi ito ang mga katotohanang prinsipyo. Dapat kang maghanap ng paraan upang angkop na magamit ang iyong mga propesyonal na kalakasan at magamit ang iyong natamong kaalaman at natutunan batay sa pag-unawa sa mga katotohanang prinsipyo. Hindi ba't isa itong prinsipyo? Hindi ba't isa itong landas ng pagsasagawa? Kapag natutuhan mo nang gawin ito, magkakaroon ka ng landas na susundan at makakapasok ka sa katotohanang realidad. Anuman ang iyong gawin, huwag maging matigas ang ulo, at huwag magpanggap. Ang pagiging matigas ang ulo at pagpapanggap ay hindi makatwirang paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Bagkus, ito ang pinakahangal na paraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. Ang mga taong namumuhay ayon sa kanilang mga tiwaling disposisyon ang mga pinakahangal na tao. Tanging ang mga taong naghahanap sa katotohanan at nangangasiwa sa mga bagay-bagay nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo ang pinakamatatalinong tao.

Sa pamamagitan ng pagbabahaginang ito, mayroon na ba kayong wastong pagkaunawa at pananaw tungkol sa pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng mga taong may talento sa sambahayan ng Diyos? (Oo.) Ngayong mayroon na kayong wastong pananaw ukol dito, magagawa ba ninyong harapin nang tama ang mga taong ito? Dapat ninyong harapin nang tama ang mga kalakasan nila, pati na rin ang mga pagkukulang at kahinaan na mayroon sila pagdating sa kanilang pagkatao, gawain, propesyon, at iba't iba pang aspekto—dapat harapin nang tama ang lahat ng bagay na ito. Higit pa rito, kayo man ay iniangat o nilinang bilang mga lider o manggagawa, o kayo man ay mga indibidwal na may talento sa iba't ibang propesyon, lahat kayo ay ordinaryo, lahat kayo ay nagawang tiwali ni Satanas, at wala ni isa sa inyo ang nakakaunawa sa katotohanan. Kaya, wala ni isa sa inyo ang dapat magbalatkayo o magtago ng inyong sarili; sa halip, dapat matuto kayong maging bukas sa pakikipagbahaginan. Kung hindi ninyo nauunawaan, aminin ninyong hindi ninyo nauunawaan. Kung hindi ninyo alam gawin ang isang bagay, aminin ninyong hindi ninyo alam gawin ito. Anuman ang mga problema o paghihirap na lumitaw, lahat ay dapat sama-samang magbahaginan at maghanap ng katotohanan para makahanap ng solusyon. Sa harap ng katotohanan, ang bawat tao ay katulad ng isang sanggol, bawat tao ay naghihikahos at kahabag-habag at lubos na walang-wala. Ang kailangang gawin ng mga tao ay maging mapagpasakop sa harap ng katotohanan, magkaroon ng mapagpakumbaba at nananabik na puso at hanapin at tanggapin ang katotohanan, at pagkatapos ay isagawa ang katotohanan at matamo ang pagpapasakop sa Diyos. Sa paggawa nito, makakapasok ang mga tao sa katotohanang realidad ng mga salita ng Diyos habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin at sa kanilang tunay na buhay. Lahat ay pantay-pantay sa harap ng katotohanan. Ang mga iniaangat at nililinang ay hindi gaanong nakahihigit sa iba. Ang

lahat ay naranasan ang gawain ng Diyos sa loob ng halos parehong panahon. Ang mga hindi pa naiaangat o nalilinang ay dapat ding maghangad sa katotohanan habang ginagawa nila ang kanilang mga tungkulin. Walang sinumang maaaring magkait sa iba ng karapatang hangarin ang katotohanan. Ang ilang tao ay mas masigasig sa paghahangad nila ng katotohanan at may kaunting kakayahan, kaya sila iniaangat at nililinang. Ito ay dahil sa mga pangangailangan ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Bakit may gayong mga prinsipyo ang sambahayan ng Diyos sa pag-aangat at paggamit sa mga tao? Dahil may pagkakaiba-iba sa kakayahan at karakter ng mga tao, at pumipili ang bawat tao ng magkakaibang landas, ito ay humahantong sa magkakaibang kahihinatnan sa pananalig ng mga tao sa Diyos. Iyong mga naghahangad sa katotohanan ay naililigtas at nagiging mga tao ng kaharian, habang iyong mga hindi talaga tinatanggap ang katotohanan, na hindi tapat sa paggawa ng kanilang tungkulin, ay itinitiwalag. Nililinang at ginagamit ng sambahayan ng Diyos ang mga tao batay sa kung hinahangad nila ang katotohanan, at sa kung tapat sila sa paggawa ng kanilang tungkulin. Mayroon bang pagkakaiba sa herarkiya ng iba't ibang tao sa sambahayan ng Diyos? Sa ngayon, walang herarkiya pagdating sa iba't ibang posisyon, halaga, katayuan o kalagayan ng iba't ibang tao. Kahit man lang sa panahon na gumagawa ang Diyos para iligtas at gabayan ang mga tao, walang pagkakaiba ang mga ranggo, posisyon, halaga, o katayuan sa pagitan ng iba't ibang tao. Ang tanging mga bagay na nagkakaiba ay nasa paghahati ng gawain at sa mga tungkuling ginagampanan. Siyempre, sa panahong ito, ang ilang tao, bilang eksepsiyon, ay iniaangat at nililinang para gumawa ng ilang espesyal na trabaho, samantalang ang ilang tao ay hindi nakakatanggap ng gayong mga oportunidad dahil sa iba't ibang kadahilanan tulad ng mga problema sa kanilang kakayahan o kapaligiran ng pamilya. Ngunit hindi ba inililigtas ng Diyos ang mga hindi pa nakakatanggap ng gayong mga oportunidad? Hindi iyon ganoon. Mas mababa ba ang kanilang halaga at posisyon kaysa sa iba? Hindi. Lahat ay pantay-pantay sa harap ng katotohanan, lahat ay may oportunidad na hangarin at makamit ang katotohanan, at tinatrato ng Diyos ang lahat nang patas at makatwiran. Sa anong punto mayroong kapansin-pansing pagkakaiba sa mga posisyon, halaga, at katayuan ng mga tao? Ito ay kapag dumating ang mga tao sa dulo ng kanilang landas, at natapos ang gawain ng Diyos, at sa wakas ay nabuo ang isang kongklusyon tungkol sa mga saloobin at pananaw na ipinapakita ng bawat tao sa proseso ng paghahangad ng kaligtasan at habang ginagawa ang kanilang tungkulin, pati na rin sa iba't ibang mga pagpapamalas at saloobin nila tungkol sa Diyos—ibig sabihin, kapag may kompletong talaan sa aklat ng Diyos—sa panahong iyon, dahil iba-iba ang kalalabasan at hantungan ng mga tao, magkakaroon din ng pagkakaiba sa kanilang halaga, mga posisyon, at katayuan. Saka lamang mahihinuha at halos matitiyak ang lahat ng bagay na ito, samantalang sa ngayon, pare-pareho ang lahat. Nauunawaan ba ninyo? Inaabangan ba ninyo ang araw na iyon? Inaabangan ba ninyo ito nang may kasamang takot? Ang inaabangan ninyo ay na sa araw na iyon, magkakaroon na ng resulta sa wakas, at

mararating na ninyo ang araw na iyon sa wakas sa kabila ng lahat ng paghihirap; at ang kinatatakutan ninyo ay na baka hindi ninyo natahak nang tama ang landas, at na madadapa kayo sa daan at mabibigo, at na hindi magiging kasiya-siya ang huling kalalabasan, mas masahol pa kaysa sa iniisip at inaasahan ninyo—kay lungkot, kay sakit at sobrang nakakadismaya iyon! Huwag mag-isip nang masyadong malayo pa, hindi iyon praktikal. Tingnan mo muna kung ano ang nasa harap ng mga mata mo, tahakin nang maayos ang landas sa ilalim ng iyong mga paa, gawin nang maayos ang hawak mong gawain, at tuparin ang mga tungkulin at responsabilidad na ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo. Ito ang pinakakritikal at pinakamahalaga. Unawain ang katotohanan at ang mga prinsipyo sa paggawa ng tungkulin ninyo na dapat maunawaan ngayon, at pagbahaginan ang mga ito hanggang sa maging malinaw na malinaw ang mga ito—para lubos ninyong maunawaan nang malinaw ang mga ito sa inyong isipan, at malinaw at tiyak ninyong alam kung ano ang mga prinsipyo sa bawat ginagawa ninyo—at tiyaking hindi ninyo nalalabag ang mga prinsipyo, o hindi nalilihis mula rito, o hindi magdudulot ng mga pagkagambala o kaguluhan, o hindi gagawa ng anumang makakapinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos—ang lahat ng ito ang dapat ninyong pasukin ngayon mismo. Hindi natin kailangang pag-usapan pa ang tungkol sa anumang bagay sa hinaharap, at hindi rin ninyo ito kailangang itanong o pag-isipan. Walang silbi ang pag-iisip nang masyadong malayo—hindi iyon ang dapat mong pinag-iisipan. Maaaring itinatanong ng ilan: “Bakit hindi namin ito dapat pag-isipan? Napakalubha na ngayon ng kalagayan ng sakuna, hindi ba’t panahon na para pag-isipan namin ang gayong mga bagay?” Panahon na ba? Nakakaapekto ba sa iyong pagpasok sa katotohanan ang katunayan na malubha ang sakuna? (Hindi, hindi ito nakakaapekto.) Naging napakalubha na ng kalagayan ng sakuna, ngunit kailan ba Ako nagdaos ng mga pagtitipon o nangangaral ng mga sermon partikular tungkol sa sakuna? Hindi Ako kailanman tumutuon sa usapin ng sakuna, palagi lang Akong nagsasalita tungkol sa katotohanan, para maunawaan ninyo ang katotohanan at maunawaan ang mga layunin ng Diyos, at para maunawaan ninyo kung paano gawin nang maayos ang inyong tungkulin at paano makapasok sa katotohanang realidad. Sa panahon ngayon, hindi man lang nauunawaan ng ilang tao kung ano ang katotohanang realidad at kung ano ang mga doktrina. Naglilitanya lang sila ng ilang magkakaparehong salita at doktrina, at walang kabuluhang usapan araw-araw, ngunit pakiramdam nila ay nakapasok na sila sa katotohanang realidad. Nag-aalala Ako para sa kanila, pero hindi sila nag-aalala para sa sarili nila. Iniisip pa rin nila iyong mga malayong bagay sa hinaharap—hindi praktikal ang pag-iisip tungkol sa mga bagay na iyon.

Ang pakay ng pag-aangat at paglilinang sa iba’t ibang uri ng mga taong may talento ay hindi para gawin silang aktibong tao, ni para planuhin na sila ay maging isang uri ng sandigan sa hinaharap, kundi para bigyan ang ilang tao na, kung ikukumpara, ay higit na naghahangad sa katotohanan at nakakatugon sa mga pamantayan ng pag-aangat at paglilinang, ng pagkakataon na magsanay sa mga angkop na kapaligiran at sa ilalim ng

mas kanais-nais na mga kondisyon. Ang pinakamahalaga ay na maunawaan nila ang mga salita ng Diyos, maunawaan ang katotohanan at makapasok sa katotohanang realidad. Hindi ba't ito ang dapat na matamo ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos? Hindi ba't ito ang dapat na makamit ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos? Para makapasok sa katotohanang realidad, ano ang pangunahing bagay na dapat ninyong hangarin sa ngayon? Mayroon ba kayong anumang plano o hakbang sa paggawa nito? Ituturo Ko sa inyo ang isang simpleng diskarte, madali at mabilis. Sa simpleng pananalita, ang pagpasok sa katotohanang realidad ay talagang pagsasagawa sa katotohanan. Para maisagawa ang katotohanan, kinakailangan munang harapin ang sariling mga tiwaling disposisyon. Ano ang pinakamabilis na panimulang punto sa paglutas ng mga tiwaling disposisyon ng isang tao? Para sa inyo, ang pinakasimple, pinakamabilis at pinakamadaling paraan ay ang lutasin muna ang problema ng pagiging pabaya sa paggawa ng inyong tungkulin, isa-isang nilulutas ang inyong mga tiwaling disposisyon. Gaano kaya katagal bago ninyo ito malutas? May plano ba kayo? Karamihan sa mga tao ay walang plano, patuloy lang nila itong pinag-iisipan, nang hindi nila nalalaman kung kailan nila ito pormal na sisimulan. Bagama't alam nila na pabaya sila, sadyang hindi nila sinisimulang lutasin ito at wala silang anumang partikular na solusyon. Ang pagiging tamad sa paggawa ng tungkulin, at hindi metikuloso, iresponsable, at hindi pagseseryoso rito—ang lahat ng ito ay pagpapamalas ng pagiging pabaya. Ang unang hakbang ay lutasin ang problema ng pagiging pabaya. Ang ikalawang hakbang ay lutasin ang problema ng pagkilos ayon sa sariling kalooban. Para naman sa iba pang bagay tulad ng paminsan-minsang pagsasalita nang hindi matapat, o pagbubunyag ng mga mapanlinlang o mapagmataas na disposisyon, huwag ninyong alalahanin ang mga bagay na iyon sa ngayon. Hindi ba't mas praktikal at epektibo na harapin muna ang pagiging pabaya at pagkilos ayon sa sariling kalooban? Hindi ba't ang dalawang isyung ito ang pinakamadaling makita? Hindi ba't madaling lutasin ang mga ito? (Oo.) Namamalayan mo ba kung kailan ka nagiging pabaya? Napagtatanto mo ba kung kailan mo naiisip na maging tamad? Napagtatanto mo ba kung kailan mo naiisip na manlansi o makipagsabwatan at magserbisyo sa sarili mo sa pamamagitan ng panlalansi? (Oo.) Kung napagtatanto mo nga ito, madali itong lutasin. Magsimula sa paglutas ng mga problemang madali mong matukoy at na namamalayan mo sa loob-loob mo. Ang pagiging pabaya sa tungkulin ay isang halatang-halata at karaniwang problema, pero isa rin itong hindi mawala-walang problema na talagang mahirap lutasin. Kapag gumagawa ng tungkulin, kailangang matutuhan ng isang tao na maging maingat, masusi, metikuloso, at responsable, at gawin ito nang matatag, ibig sabihin, sa pamamagitan ng paisa-isang hakbang. Dapat ibuhos ng isang tao ang kanyang buong lakas para gawin nang maayos ang tungkuling iyon, hanggang sa masiyahan siya sa kung paano niya ginampanan ito. Kung hindi nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, dapat niyang hanapin ang mga prinsipyo, at kumilos siya ayon sa mga ito at ayon sa mga hinihingi ng Diyos; dapat handa siyang higit na magsumikap na gawin

nang maayos ang kanyang tungkulin, at hindi kailanman ito gawin sa pabasta-bastang paraan. Sa ganitong paraan lang ng pagsasagawa makakaramdam ng kapayapaan sa kanyang puso ang isang tao, nang hindi sinusumbatan ng kanyang konsensiya. Madali bang lutasin ang pagiging pabasta-basta? Hangga't may konsensiya at katwiran ka, malulutas mo ito. Una, dapat kang manalangin sa Diyos: "O Diyos, sisimulan ko ang tungkulin ko. Kung pabaya ako, hinihiling ko na disiplinahin Mo ako at sawayin Mo ako sa puso ko. Hinihiling ko rin na gabayan Mo ako na magawa nang maayos ang tungkulin ko at hindi maging pabaya." Magsagawa ka sa ganitong paraan sa araw-araw at tingnan mo kung gaano katagal bago malutas ang problema ng pagiging pabaya mo, bago mabawasan ang pagiging pabaya mo, bago mabawasan ang mga karumihan sa tungkulin mo, at bago mapabuti ang mga tunay mong resulta at madagdagan ang kahusayan mo sa paggampan ng iyong tungkulin. Ang paggampan sa tungkulin mo nang hindi nagpapabaya—matatamo mo ba ito sa pamamagitan ng pagsandal sa sarili mo? Kapag nagiging pabaya ka, kaya mo bang kontrolin ito? (Hindi ito madali.) Mahirap, kung gayon. Kung talagang mahirap para sa inyo na kontrolin ito, malaki ang problemang hawak ninyo! Aling mga bagay, kung gayon, ang kaya ninyong gawin nang hindi nagiging pabaya? Ang ilang tao ay sobrang maselan sa kinakain nila; kung hindi nila gusto ang isang pagkain, buong araw na magiging masama ang lagay ng loob nila. May ilang babae na mahilig magbihis at maglagay ng kolorete; hindi nila pinapalampas ang kahit isang hibla ng buhok. May ilang tao na magaling magnegosyo; maingat nilang kinakalkula ang bawat sentimo. Kung kumikilos kayo nang may ganitong klase ng maingat na saloobin, maiiwasan ninyong maging pabaya. Una, lutasin ang problema ng pagiging pabaya, pagkatapos, lutasin ang problema ng pagkilos ayon sa sariling kalooban. Ang pagkilos ayon sa sariling kalooban ay isang karaniwang problema, at isa pa itong bagay na madaling makita ng mga tao sa sarili nila. Nang may kaunting pagninilay-nilay sa sarili, mapagtatanto ng isang tao na kumikilos siya ayon sa sarili niyang kalooban, na hindi alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Madaling lutasin ang mga problemang nakikilala ng mga tao. Pagtuunan mo munang lutasin ang dalawang isyung ito, una, ang problema ng pagiging pabaya, at ang isa pa ay ang pagkilos ayon sa sarili mong kalooban. Magsikap, sa loob ng isa o dalawang taon na magtamo ng mga resulta, na hindi maging pabaya, o kumilos ayon sa sarili mong kalooban, o nang may mga karumihan sa iyong kalooban sa anumang ginagawa mo. Kapag nalutas na ang dalawang problemang ito, hindi na kayo malayo sa paggampan ng tungkulin ninyo sa paraan na pasok sa pamantayan. At kung hindi man lang ninyo malutas ang mga ito, malayo pa rin kayo sa pagpapasakop sa Diyos o sa pagsasaalang-alang sa mga layunin Niya—hindi pa talaga ninyo lubusang nauunawaan ang bagay na ito.

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa mga pamantayan at pakay ng pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng kalipikadong talento, pati na rin ang tungkol sa pag-unawa at pananaw na dapat taglayin ng isang tao kaugnay ng pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos sa iba't ibang uri ng mga taong may talento.

Ang isa pang aspekto ay ang saloobin at pamamaraan na dapat taglayin ng isang tao tungkol sa iba't ibang uri ng mga taong may talento na iniaangat at nililinang. Ang mga ito ang ilang isyu na dapat pagbahaginan sa ikaanim na aytem. Kaya, sa susunod, partikular na tungkol sa ikaanim na aytem, ilantad at himayin natin kung paano isinasakatuparan ng mga huwad na lider ang gawain ng pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng mga taong may talento. Ito ang pangunahing nilalaman na pagbabahaginan natin.

Ang mga Saloobin at Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Tungkol sa Pagtataguyod at Paglilinang sa Lahat ng Uri ng Taong May Talento

Ang mga huwad na lider ay hindi nakakaunawa sa katotohanan at hindi naghahanap sa katotohanan. Samakatwid, pagdating sa mahalagang gawain ng pag-aangat at paglilinang sa lahat ng uri ng kalipikadong talento sa sambahayan ng Diyos, sinisira rin nila ito, ganap na ginugulo ito, at sadyang nabibigong tugunan ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Dahil hindi nila nauunawaan ang mga pamantayan, lalo na ang mga layunin ng Diyos, kaugnay sa pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng kalipikadong talento, at hindi rin nila nauunawaan ang kahalagahan ng pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng kalipikadong talento, napakahirap para sa kanila na gawin ang gawaing ito sa paraan na pasok sa pamantayan at sa maprinsipyong paraan. Ang iba't ibang uri ng mga taong may "talento" na nililinang ng mga huwad na lider habang ginagawa ang kanilang gawain ay mga halo-halong kalidad. Sa halip na mag-angat at maglinang ng mga kalipikadong talento, inaangat ng mga huwad na lider ang mga taong hindi kailanman dapat iangat at linangin para magserbisyo bilang mga lider o manggagawa, at pinahihintulutan nila ang mga taong ito na maging palamunin ng iglesia at lustayin ang mga handog ng Diyos. Ang mga huwad na lider ay pawang gumagawa ng ganitong mga bagay, na nagsasanhing maapak-apakan at hindi maiangat at magamit ang ilang tao na naghahangad sa katotohanan at may pagpapahalaga sa katarungan. Sa halip, iyong mga walang kuwentang tao ay nagiging diumano'y mga taong may talento sa mga mata ng mga huwad na lider na ito, at iniaangat at nililinang ng mga ito ang mga taong iyon. Kung gayon, ano ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider kapag ginagawa ang gawaing ito? Ipagpalagay natin, halimbawa, na dahil sa mga kinakailangan ng gawain nito, kailangang makahanap ang sambahayan ng Diyos ng ilang tao na mangangasiwa ng mga usaping panlabas. Kaya, aling mga tao ang dapat nitong hanapin? Inilista Ko ang ilang pamantayan, katulad ng pagkakaroon ng kapabilidad sa gawain, pagkakaroon ng kakayahang gawin ang sariling tungkulin ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, at pagkakaroon ng kakayahang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Alam ba ng mga huwad na lider ang mga prinsipyong ito? Maliwanag na hindi, kaya, paano sila naghahanap ng mga tao na mangangasiwa sa mga usaping panlabas? Iniisip nila: "Sino ang puwedeng mangasiwa ng mga usaping panlabas? May isang sister na matalas ang

utak at mabilis mag-isip, magaling magsalita at marunong humawak ng mga tao. Mabilis niyang iniikot ang kanyang mga mata sa paligid nang may pagkakalkula kapag nagsasalita siya, at hindi siya mawari ng isang karaniwang tao. Medyo hindi siya angkop bilang lider ng iglesia, pero siya ay magiging napakahusay sa pangangasiwa ng mga usaping panlabas, kaya pipiliin ko siya. Kaya lang, medyo mababa ang pinag-aralan niya; nag-aalala ako na mamaliitin siya ng mga walang pananampalataya, kaya, maghahanap ako ng isang nakatapos ng kolehiyo—na naging presidente sa kanilang samahan ng mga mag-aaral—para makipagtulungan sa kanya. Medyo mautak ang taong ito pero kulang naman sa karanasan sa lipunan at, kung ikukumpara, kakaunti pa lang ang kanyang nakita sa mundo, kaya maaari siyang matuto mula sa kapareha niya. Sa dalawang taong ito, ang isa ay may mababang pinag-aralan at ang isa naman ay may mataas na pinag-aralan, ang isa ay may karanasan sa lipunan, at ang isa naman ay wala—bagay silang makipagtulungan sa isa't isa, hindi ba?" Ang isa ay mahusay magsalita at malinaw bumigkas, matalas ang isip, at napakatanyag na tao sa lipunan; sa tuwing nakikisalamuha siya sa mga walang pananampalataya, hindi nila matukoy na isa siyang mananampalataya. Ang isa naman ay may mataas na pinag-aralan at may katayuan sa lipunan; sa tuwing nakikisalamuha siya sa mga walang pananampalataya, hindi siya minamaliit ng mga ito. Ano ang tingin ninyo sa dalawang prinsipyong ito ng mga huwad na lider sa pagpili ng mga tao? Naniniwala ang mga huwad na lider na hangga't magaling magsalita, matalas ang isip, at mabilis kumilos ang isang tao, makakaya niyang mangasiwa ng mga pangkalahatang usapin para sa sambahayan ng Diyos. Angkop ba ang ganitong paraan ng pagpili ng mga tao? (Hindi.) Bakit hindi ito angkop? (Kadalasan, ang gayong mga tao ay tuso; bagama't marunong silang makisali sa mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo sa iba, at marunong humawak ng mga tao, hindi nangangahulugan na kaya nilang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos.) Tama iyan. Ang pinakamahalagang bagay ay na, anuman ang mga usaping pinangangasiwaan ng isang tao para sa sambahayan ng Diyos, kahit papaano, kailangang maging matuwid siya at kaya niyang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ang pagkakaroon ba ng kahusayan sa panghihikayat at pagsasalita na parang kayang buhaying muli ang patay ay nangangahulugan na kaya niyang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Ang pagiging mabilis mag-isip, mahusay magsalita, at malinaw bumigkas ay nangangahulugan ba na kaya niyang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kahit pa manumpa siya, wala itong silbi, at gayundin kawalang saysay kung maglalatag ka ng mga hinihingi sa kanya—tiyak na mayroon siyang ganoong karakter. Pero hindi sinisiyasat ng mga huwad na lider ang ganitong mga bagay, tinitingnan lang nila kung sino ang may karanasan sa lipunan, kung sino ang tuso, mabilis mag-isip, mahusay magsalita at malinaw bumigkas, kung sino ang marunong kumilos nang angkop sa sitwasyon, at kung sino ang balimbing, at tanyag na tao sa lipunan. Sa tingin nila, ang gayong mga tao ay kayang mangasiwa ng mga pangkalahatang usapin sa

sambahayan ng Diyos. Hindi ba't mali ito? Mali ito kung pag-uusapan ang mga prinsipyo at pamantayan ng pagpili ng mga tao. Ang totoo ay ang ganitong uri ng tao ay masyadong mahusay manghikayat: Kahit sino pa ang kaharap niya, pawang kasinungalingan ang sinasabi niya, at hindi niya kayang magbago kahit gaano pa karami ang panunumpa niya. Kapag gumagawa ng mga bagay-bagay, mga sariling interes lang ang ipinagtatanggol niya, at lalo na kapag nahaharap sa panganib, pinoprotektahan niya ang kanyang sarili unang-una sa lahat, at hindi niya kailanman isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Basta't maganda ang relasyon niya sa mga walang pananampalataya, sapat na iyon para sa kanya; kung tungkol naman sa kung napipinsala ba o hindi ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, wala siyang pakialam. Hindi rin niya isinasaalang-alang ang seguridad ng mga kapatid, at wala rin siyang pakialam kung nailagay man sa kahihiyan ang pangalan ng Diyos; sariling kapakanan lang niya ang iniintindi niya. Hindi makilatis ng mga huwad na lider ang ganitong klase ng tao at iniisip na siya ang pinakaangkop na mangasiwa sa mga usaping panlabas para sa sambahayan ng Diyos. Hindi ba't kahangalan ito? Ipinagkakanulo ng taong iyon ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, pero hindi man lang alam iyon ng mga huwad na lider at itinatalaga pa rin nila ang taong iyon sa mahahalagang gampanin, at umaasa rito para sa lahat ng bagay. Hindi ba't ito ang pinakamatinding kahangalan? Mayroon bang matutuwid na layunin ang mga taong mahusay magsalita, malinaw bumigkas, at mabilis mag-isip? Kung hindi mo pa sila napakikitunguhan o maingat na napagmamasdan, hindi mo malalaman. Kapag hinaharap at pinangangasiwaan mo ang mga gawain kasama sila, obserbahan mo kung ang sinasabi nila ay tugma sa kanilang ginagawa. Maaari itong subukin sa pamamagitan ng isang kaganapan. Sabihin natin, halimbawa, kung naglilipat ka ng mga gamit. Kapag nakita nila ito, hindi ka nila tutulungan. Kapag natapos mo na ang trabaho, saka lang sila lalapit at magsasabing, "Paano mo nagawang mag-isa ang gayong nakakapagod na trabaho? Tinulungan sana kita kung sinabi mo lang, kahit gaano pa ako kaabala. Mukhang pagod na pagod ka. Ako na ang magluluto para sa iyo mamaya, hindi mo ito kailangang gawin ngayon." Pagkatapos sabihin iyon, naglalaho sila. Pagod na pagod ka, pero kailangan mo pa ring magluto. Pagkatapos mong magluto, darating sila para kumain at sasabihin pa nga nila na, "Bakit hindi mo ako tinawagan nang magsimula kang magluto? Pagod na pagod ka na nga, at nagluluto ka pa rin para sa akin—tama ba naman iyon? Dahil nagawa mo na, kakainin ko na lang ito. Ako na ang magluluto sa susunod, at sabihan mo lang ako sa tuwing mayroon kang anumang gawaing kailangang gawin sa susunod." Ang isang pangyayari lang na ito ang kinakailangan para makilatis sila. Masyadong matamis ang kanilang dila, mabilis mag-isip, at alam nila kung ano ang sasabihin. Alam nila kung paano kumilos nang angkop sa sitwasyon, at ang tanging ginagawa nila ay magsalita ng magagandang-pakinggan na salita, nang hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain. Maaasahan ba ang gayong mga tao? Kung hihilingin mo sa kanila na pangasiwaan ang mga pangkalahatang usapin ng sambahayan ng Diyos, makakaya ba nilang ipagtanggol ang mga interes nito?

Makakaya ba nilang panindigan ang reputasyon ng iglesia at protektahan ang seguridad ng mga kapatid? (Hindi.) Numero-unong prayoridad ba nila ang ari-arian ng sambahayan ng Diyos at ang lahat ng interes nito? Malayong mangyari iyon. Ang mga mata at isipan ng mga huwad na lider ay bulag sa gayong mga madaling tukuyin na problema, at sadyang hindi nila ito nakikita. Sa halip, puro salita at doktrina lang ang kaya nilang sabihin. Sino ang minamahal ng Diyos at sino ang hindi minamahal ng Diyos, sino ang nagmamahal sa katotohanan at sino ang hindi nagmamahal sa katotohanan, ano ang ibig sabihin ng pagtataglay ng pundasyon sa pananalig sa Diyos at anong uri ng mga tao ang walang pundasyon, anong uri ng mga tao ang tapat sa paggawa ng kanilang tungkulin at anong uri ng mga tao ang hindi tapat sa paggawa ng kanilang tungkulin—nagsasalita sila tungkol sa mga bagay na ito sa makatwiran at lohikal na paraan, at mukhang nauunawaan talaga nila ang mga ito, ngunit puro walang kabuluhan na usapan at mga doktrina lang ito. Sa tuwing ipinapakilatis sa kanila ang mga tao, bulag ang kanilang mga mata at isipan; talagang hindi sila marunong bumasa ng mga tao. Kahit gaano pa sila katagal na nakikisalamuha sa ganitong uri ng mga tao, hindi pa rin nila nakikilatis ang mga ito, at itinatalaga pa nga ang mga ito sa mahahalagang gampanin.

Talagang isa nang karumal-dumal na bagay ang gamitin ng mga huwad na lider ang mga maling tao, ngunit dinagdagan pa nila ang maling gawang ito sa pamamagitan ng paggawa ng lalo pang mas karumal-dumal na mga bagay. Sabihin natin, halimbawa, gumamit ng maling tao ang isang huwad na lider. Hindi talaga angkop ang taong ito bilang superbisor at hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng sambahayan ng Diyos para maiangat at malinang. Gayumpaman, iginigiit pa rin ng huwad na lider na gamitin ang taong ito at hindi kailanman iniinspeksiyon ang gawain nito, naniniwalang, “Huwag pagdudahan ang mga taong ginagamit mo, at huwag gamitin ang mga taong pinagdududahan mo. Dahil ikaw ay pinili ko at inangat kita, magagawa mo nang maayos ang gawaing ito, kaya sige lang at gawin mo ito sa anumang paraang nakikita mong naaangkop. Susuportahan kita anuman ang gawin mo, at walang saysay ang pagtutol ng sinuman dito!” Ginamit niya ang maling tao, pero hinayaan pa niyang magpatuloy ang pagkakamali niya hanggang sa huli—ganoon kalaki ang tiwala niya sa kanyang sarili. Pawang bulag ang mga huwad na lider. Hindi nila nakikita ang anumang problema, hindi nila matukoy kung sinong mga tao ang masasamang tao o mga hindi mananampalataya, at kahit sino pa ang nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, wala silang anumang kamalayan dito, at nagtatalaga pa sila ng mahahalagang gampanin sa mga tao na magulo ang isip. Nagbibigay ng labis na tiwala ang mga huwad na lider sa kung sinumang inaangat nila, at basta-bastang ipinagkakatiwala ang mahalagang gawain sa taong iyon. Dahil dito, nagugulo ng taong iyon ang gawain ng iglesia, malubhang naaapektuhan ang pagpapalaganap ng ebanghelyo at napipinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Nagkukunwari pa ang mga huwad na lider na wala silang anumang nalalaman tungkol dito. Tatanungin sila ng ang Itaas, “Kumusta ang pagganap ng taong inangat mo sa kanyang gawain? Angkop ba siya sa paggampan ng gawaing

ito? Ipinagtatanggol ba niya ang gawain ng iglesia at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Sa mga kritikal na sandali, poprotektahan ba niya ang kanyang sarili, o ipagtatanggol niya ang gawain ng iglesia?" Sasagot naman ang mga huwad na lider: "Nanumpa siya na ipagtatanggol ang gawain ng iglesia. Bukod pa rito, 20 taon na siyang nananampalataya sa Diyos. Paanong poprotektahan niya ang sarili niya at ipagkakanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Malamang na ipagtatanggol niya ang mga interes ng sambahayan ng Diyos." Sasagot naman ang ang Itaas: "Tumpak ba iyang sinasabi mo? Nainspeksiyon mo ba ang gawain niya?" Sasagot ang mga huwad na lider, "Hindi ko nainspeksiyon ang gawain niya, pero sinabi ko sa kanya na huwag niyang ipagtanggol ang sarili niyang mga interes, at na kailangan niyang ipagtanggol ang gawain ng iglesia, at nangako naman siya sa akin na gagawin iyon." Ano ba ang silbi ng pangangako niya sa iyo? Ni hindi nga niya kayang tuparin ang sinumpaan niya sa harap ng Diyos. Sa tingin mo ba na dahil lang sa nangako siya sa iyo, sigurado ka na sa kanya? Sigurado bang magagawa ng taong iyon ang ipinangako niya? Dahil hindi mo nainspeksiyon ang gawain niya, paano mo malalaman kung ang taong iyon ay isang taong nagtatanggol sa mga interes ng sambahayan ng Diyos? Bakit ganoon na lang kalaki ang tiwala mo sa sarili mo? Hindi ba't mga tampalasan ang gayong mga huwad na lider? Sa paggamit ng maling tao, nakagawa na sila ng malaking pagkakamali, at pagkatapos ay pinapalala pa nila ang kanilang pagkakamali sa pamamagitan ng hindi kailanman pag-uusisa, pagsusuri, o pag-iinspeksiyon sa gawain ng taong ito, at sa hindi pangangasiwa o pagmamasid dito. Ang ginagawa lang nila ay patuloy na kunsintihin ang taong ito na kumikilos nang walang pakundangan at gumagawa ng mga maling gawa. Ganito gumawa ang mga huwad na lider. Sa tuwing kulang ng mga tao ang isang aytem ng gawain, basta-bastang nagsasaayos ang mga huwad na lider ng isang taong magiging responsable para dito at iyon na iyon; hindi nila kailanman iniinspeksiyon ang gawain, o aktuwal na pinupuntahan ang mismong lugar para makisalamuha sa taong iyon, obserbahan ito, at higit pang kilalanin ito. Sa ilang lugar, hindi kanais-nais ang kapaligiran para makipagkita at gumugol ng oras kasama ang taong iyon, pero dapat kang magtanong tungkol sa gawain niya, at gumawa ng hindi direktang pag-uusisa tungkol sa kung ano ang ginagawa niya, at kung paano ito ginagawa—maaari mong tanungin ang mga kapatid, o ang isang taong malapit dito. Hindi ba't puwede itong makamit? Pero hindi man lang nag-aabalang magtanong ng anuman ang mga huwad na lider, ganoon sila kakumpiyansa. Sa gawain nila, nagdaraos lang sila ng mga pagtitipon at nangangaral ng mga doktrina, at kapag tapos na ang mga pagtitipon at naisaayos na ang gawain, wala na silang ibang ginagawa; hindi na nila sinusubaybayan o inaalam kung ang taong napili nila ay talagang kayang gumawa ng tunay na gawain. Sa simula, hindi mo nauunawaan ang taong iyon, pero batay sa kakayahan nito at sa mga ipinapakitang pagpapamalas at kasigasigan, pakiramdam mo ay angkop ang taong napili mo para sa gawaing ito, at kaya ginamit mo ang taong ito—walang masama rito, dahil wala namang nakakaalam kung ano ang kalalabasan ng mga tao. Pero matapos

itong iangat, hindi ba't dapat mong subaybayan at tingnan kung gumagawa ba ang taong iyon ng tunay na gawain, kung paano ito gumagawa, at kung naging pabaya ba ito, tuso, o tamad? Ito mismo ang gawaing dapat mong ginagawa, pero hindi mo ginagawa ang alinman dito—hindi ka umaako ng anumang responsabilidad. Isa kang huwad na lider, at dapat kang tanggalin at itiwalag.

Ang mga huwad na lider ay gumagawa ng isang malubhang pagkakamali, na kung saan pagkatapos nilang iangat ang mga tao, ipinaliliwanag nila ang gawain sa mga ito, pagkatapos ay naglilitanya ng kaunting doktrina, nagbibigay ng ilang salita na pampalakas ng loob, at hanggang doon lang iyon, nang hindi man lang sinusubaybayan o nakikisangkot sa mga partikular na gampanin. Kung sinasabi mong may mahina kang kakayahan at wala kang kabatiran sa mga tao, puwede mo namang subaybayan at alamin kung kumusta na ang mga partikular na gampanin, at lubos mong mauunawaan ang sitwasyon. Subalit, hindi man lang sinusubaybayan at inaalam ng mga huwad na lider kung kumusta na ang gawain. Halimbawa na lang ang pag-iimprenta ng mga aklat, na isang partikular na gawain. Itinalaga ng huwad na lider ang isang tao para mamahala sa gawaing ito, pero hindi niya kinumusta ang taong ito kahit isang beses sa loob ng kalahating taon. Dahil dito, pagkatapos ng anim na buwan, lumabas na may depekto ang lahat ng naimprentang aklat—napakalaking gulo! Ganito ang mga huwad na lider—talagang hindi sila gumagawa ng anumang partikular na gawain. Ano ang dapat mong gawin kung isinasaayos mo ang pag-iimprenta ng isang aklat? Kailangan mo munang magtalaga ng isang angkop na superbisor, at pagkatapos ay pangasiwaan at suriin kung gaano kahusay niya ginagawa ang trabaho, at kung posible bang makagulo siya rito. Dapat mong pangasiwaan at subaybayan ang gawain, at direktang lutasin ang anumang problema kung mayroon kang matutuklasan—sa ganito lang matitiyak na walang lilitaw na mga isyu. Pero hindi ito ginagawa ng mga huwad na lider. Iniisip nila na ang mga responsabilidad nila ay maglitanya lang ng mga doktrina sa mga tao, at ipaunawa sa mga ito ang mga doktrina, at na hangga't nauunawaan ng mga tao ang mga doktrina, maaaring malutas ang mga problema. Samakatwid, binibigyang-pansin lang nila ang paglilitanya ng mga doktrina at pagbibigkas ng mga islogan, at hindi nakikisangkot sa mga partikular na gampanin. Para sa mga huwad na lider, iniisip nila na hindi nila responsabilidad na makisangkot sa mga partikular na gampanin, at na ito ay dapat maging alalahanin ng mga taong nasa ilalim nila. Kaya, ano ang ginagawa nila mismo? Minamanduhan nila ang buong sitwasyon mula sa itaas at nagiging hindi epektibong opisyal. Anuman ang gawain, wala silang presensiya o pakikilahok dito. Pagkatapos sabihin sa mga tao ang mga prinsipyo, kung itinatanong sa kanila ang tungkol sa mga detalyadong isyu o mga partikular na landas, sasabihin lang nila na, "Kayo na ang bahala sa partikular na gawain, hindi ko naiintindihan ang bagay na ito." Samakatwid, hindi nila alam kung paano ginagawa ng mga taong nasa ilalim nila ang gawain. Tungkol naman sa kung may kakayahan at magagawa ba ng superbisor na pasanin ang gawain, o kung ano ang pagkatao niya, o kung siya ba ay isang taong naghahangad sa katotohanan, o

kung responsable ba siya sa paggawa ng kanyang tungkulin, o kung pabaya ba siya o nag-aamok sa paggawa ng masasamang bagay, o kung mayroon bang mga pagkaantala sa gawain, at iba pa—walang anumang nalalaman ang mga huwad na lider tungkol dito, naglilibot-libot lang sila na tulad ng mga opisyal mula sa mundong walang pananampalataya na tagapirma lang ng papeles, nang hindi gumagawa ng anumang aktuwal na gawain. Sa mga iglesia kung saan sila gumagawa, hindi alam ng mga huwad na lider kung inihihinto ng ilang superbisor ang gawain, o kung nagtatatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian ang ilang superbisor, o kung hindi inaasikaso ng ilang superbisor ang mga tungkuling nararapat sa kanila at sa halip ay ginugugol ang kanilang mga araw sa pagkain, pag-inom, at pagpapakasaya, at nagbubulag-bulagan pa sila rito kapag napakahina ng kakayahan ng ilang superbisor, baluktot ang pagkaarok, at hindi talaga kayang gawin ang gawain. Ang gayong mga huwad na lider ay parang mga hungkag na lalagyan, mga lider lang sila sa pangalan, at hindi sila gumagawa ng anumang pangunahing gawain ng isang lider. Sa panlabas, tila maganda ang asal ng mga huwad na lider na ito. Nagtatalaga sila ng mga superbisor para sa bawat aytem ng gawain, nakikipagpulong sa mga taong ito sa paminsan-minsang pagtitipon, at ginugugol nila ang kanilang natitirang oras sa isang lugar, gumagawa ng mga espirituwal na debosyon, nagdarasal, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, nakikinig sa mga sermon, nag-aaral ng mga himno, at nagsusulat ng sarili nilang mga sermon. May ilang huwad na lider ang hindi man lang lumalabas ng kanilang silid sa buong linggo. Mayroon ding mga huwad na lider na walang ginagawa kundi magdaos ng mga pagtitipon online, nang hindi kailanman pumupunta sa mga lugar ng gawain para unawain ang sitwasyon. Hindi sila personal na nakikita ng mga kapatid sa loob ng mahabang panahon, at walang ideya ang mga ito kung ano ang mga karanasan sa buhay o tayog ng mga huwad na lider. Sa mga pagtitipon, pinangangasiwaan lang ng mga huwad na lider ang ilang pangkalahatang usapin, pero tungkol sa kung ano ang partikular na ginagawa ng bawat superbisor, at kung angkop ba sa ibinigay na gawain ang mga taong iniangat at nilinang nila, o kung ano ang saloobin ng mga taong ito sa paggawa ng kanilang tungkulin, o kung maasikaso at mabusisi ba ang mga ito sa kanilang gawain, o kung negatibo at pabaya ba sila, o kung sumusunod ba sa tamang landas ang mga taong ito, o kung mga tamang tao ba sila, walang pakialam ang mga huwad na lider o hindi sila nagtatanong tungkol sa alinman sa mga usaping ito, at ayaw rin nilang malaman ang tungkol sa mga bagay na ito. Hindi ba't malubha ang kalikasan ng problemang ito? (Oo.)

Kailangan ng sambahayan ng Diyos ng ilang taong may talento na nakakaunawa sa ilang propesyonal na larangan at nagtataglay ng ilang kasanayan, at lilinangin ang mga taong ito na mag-aral ng mga propesyong iyon para makagawa sila ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Anong uri ng mga tao sa tingin ninyo ang mahahanap ng mga huwad na lider? Tinitipon nila ang lahat ng kabataan na nakapag-aral sa unibersidad at sumunod sa kanilang mga magulang sa pananampalataya sa Diyos, at tinitingnan kung sino ang magaling magsalita at sino ang mahilig maging sentro ng atensiyon, at sinasabi

sa kanila, “Gusto kayong linangin ng sambahayan ng Diyos; kayo ang reserbang hukbo at ang mga bagong puwersa.” Pagkatapos, itinatalaga ng mga huwad na lider ang mga taong ito na gumawa ng tungkulin. Sa katunayan, hindi pa kailanman gumampan ng tungkulin ang mga taong ito, wala silang iba’t ibang uri ng karanasan, at hindi nila nauunawaan ang anumang katotohanan. Pero pinapaboran sila at gusto sila ng mga huwad na lider, kaya sinisimulan silang linangin ng mga ito. Itinatalaga ng mga huwad na lider ang mga taong ito na gumawa ng mga tungkulin batay sa naaangkop sa kanilang kadalubhasaan sa pag-aaral; ang ilan ay itinalagang gumawa ng gawaing nakabatay sa teksto, ang ilan ay itinalaga sa paggawa ng pelikula, ang ilan ay itinalagang gumawa ng mga video, at ang ilan ay itinalaga para maging mga aktor. Para sa mga huwad na lider, basta’t may tungkuling gagawin ang mga taong ito, sapat na iyon. Hindi sinisiyasat ng mga huwad na lider kung mahal ba ng mga taong ito ang katotohanan o kung kaya ba nilang tanggapin ang katotohanan, hindi rin tinitingnan ng mga huwad na lider kung ano ang hinahangad ng mga taong ito o kung ano ang mga layon ng mga ito. Sa huli, ano ang nangyayari? Natitiwalag ang ilan sa mga taong iyon. Ito ay dahil masama ang pamumuhay nila at walang pagpipigil, at hinahangad nila ang mga makamundong kalakaran, at ginugugol ang kanilang mga araw sa pagbibihis at pakikipagrelasyon sa iba, at wala silang nauunawaang kahit anong patakaran o walang kagandahang-asal man lang—halatang sila ay mga hindi mananampalataya at mga walang pananampalataya. Hindi nila inaasikaso ang nararapat nilang gawain habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, at ginagawa nila ang lahat ng bagay sa pabasta-bastang paraan, pero hindi man lang ito nakikita ng mga huwad na lider. Hindi ba’t bulag ang mata ng mga huwad na lider? (Oo.) Ano ang sanhi ng pagkabulag ng matang ito? Hindi ba’t ito ay dahil sa pagiging bulag ng isipan ng mga huwad na lider? Ang pagkabulag sa mata at pagkabulag sa isipan ay dalawang katangian ng mga huwad na lider. Kahit nakadilat ang mga mata nila, hindi nakakaunawa ng anumang bagay o nakakakilatis sa sinuman ang mga huwad na lider—ibig sabihin, bulag ang mga mata nila. Sa isipan nila, wala silang pagkilatis o mga pananaw sa sinuman o anumang bagay, at kahit ano pa ang nakikita nila, wala silang abilidad na makilala ang tama sa mali, at wala silang mga saloobin, opinyon, o depinisyon—isa itong malubhang kaso ng pagiging bulag sa isipan. Ang mga huwad na lider ay pawang mga taong nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon at madalas na nakikinig sa mga sermon, kaya bakit hindi nila matukoy ang mga hindi mananampalatayang iyon? Ito ay karagdagang patunay na napakahina ng kakayahan ng mga huwad na lider, na wala silang kakayahang umarok ng katotohanan, at na gaano man karaming katotohanan ang marinig nila, wala itong silbi, at hindi nila nauunawaan ang mga ito. Sila ay bulag sa mata at isipan, at ganap silang walang kakayahang kumilatis ng mga tao. Paano sila magiging angkop na mga lider o manggagawa sa iglesia? Naniniwala sila na ang magagaling magsalita ay mga taong may talento, at na ang mga taong marunong kumanta at sumayaw ay mga indibidwal na may talento rin; kapag nakakakita sila ng mga taong may suot na salamin o mga taong

nakapag-aral sa unibersidad, iniisip nila na mga indibidwal na may talento ang mga ito, at kapag nakakakita sila ng mga taong may katayuan sa lipunan, mga mayamang tao, mga taong marunong magnegosyo at nagsasagawa ng pandaraya, at mga taong gumagawa ng ilang uri ng mahalagang trabaho sa lipunan, iniisip ng mga huwad na lider na ang mga ito ay mga indibidwal na may talento. Naniniwala sila na dapat linangin ng sambahayan ng Diyos ang ganitong uri ng mga tao. Hindi nila tinitingnan ang karakter ng mga taong ito o kung may pundasyon ba ang pananampalataya ng mga ito sa Diyos, at lalong hindi nila tinitingnan ang saloobin ng mga taong ito sa pagtrato sa Diyos at sa katotohanan. Tinitingnan lang nila ang katayuan sa lipunan at pinanggalingan ng mga tao. Hindi ba't katawa-tawa para sa mga huwad na lider na tingnan ang mga tao at bagay sa ganitong paraan? Ang pananaw ng mga huwad na lider sa mga tao at bagay ay kagaya ng sa mga walang pananampalataya—ganoon ang pananaw ng mga walang pananampalataya tungkol sa mga bagay-bagay. Sapat nitong pinatutunayan na ang mga huwad na lider ay hindi mga taong nagmamahal at nakakaunawa sa katotohanan, at na wala silang anumang pagkilatis. Hindi ba't napakababaw nila? Tunay silang bulag—napakalubha!

Noon, may nakilala Akong isang huwad na lider na nagsasalita at tumatawa kapag kinakausap Ko siya, pero nang sandaling tanungin Ko siya tungkol sa gawain, natulala siya na parang manhid at hindi makaunawa, at hindi makatugon sa anumang sinasabi Ko sa kanya. Sadyang napakahina ng kakayahan ng taong ito para gamitin. Hindi nakapagtataka na wala siyang anumang naunawaan sa sinabi Ko at hindi niya ito maisagawa. Anuman ang tinatalakay Ko sa kanya, palagi niyang sinasabi, "Nagdaos ako ng pagtitipon at kinumusta ko ang gawain ilang araw na ang nakalipas." Sabi Ko, "Wala ka bang ibang trabaho bukod sa pagdaraos ng mga pagtitipon? Napakaraming gawain ang kailangang gawin sa iglesia, bakit hindi ka maghanap ng ibang gagawin?" Sinabi niya: "Hindi ba't ang pagiging lider o manggagawa ay tungkol lang sa pagdaraos ng mga pagtitipon? Wala nang ibang gagawin maliban sa pagdaraos ng mga pagtitipon, wala na akong iba pang alam gawin!" Ipinapakita nito na nakatadhana siyang maging isang huwad na lider noong tinanggap niya ang posisyong iyon, at na hindi niya kayang gumawa ng anumang tunay na gawain, dahil napakahina ng kakayahan niya! Ang napakahinang kakayahan ay humahantong sa pagkabulag ng mata at isipan. Ano ang ibig sabihin ng pagkabulag ng mata? Ibig sabihin nito, anuman ang nakikita ng isang tao, hindi niya makita ang mga partikular na problema, at kaya, walang silbi ang mga mata niya. Ano naman ang ibig sabihin ng pagkabulag ng isipan? Ibig sabihin nito, kahit anong mangyari, hindi namamalayan o bigong nauunawaan ng isang tao ang problema roon, at hindi niya nakikita kung saan nakasalalay ang diwa ng problema—ito ang ibig sabihin ng pagiging bulag sa isipan. Kung bulag sa isipan ang isang tao, ganap na katapusan na niya. Ganito ang pagkabulag ng mga huwad na lider sa mata at isipan. Masasabi ba ninyo na sumasama ang loob ng mga huwad na lider kapag naririnig nila ang mga salitang ito? Iniisip nila, "Medyo malaki naman ang mga mata ko, pero sinasabi

Niyang bulag ang mata ko; at may mabubuti akong layunin sa isip, pero sinasabi Niyang bulag ang isipan ko—hindi partikular na tumpak ang depinisyon Niya, tama? Bakit hindi na lang ako tawaging huwad na lider? Bakit pa kailangang idagdag na bulag din ako sa mata at isipan?" Kung hindi ganoon ang pagkakasabi Ko, batay sa kakayahan ng mga huwad na lider, mapagtatanto kaya nila na mahina ang kanilang kakayahan? (Hindi.) Hindi ba't ganap na naipapaliwanag ang bagay na ito sa pagsasabing bulag sa mata at isipan ang mga huwad na lider na ito? Halimbawa, sabihin nating nagtatatag ang isang anticristo ng kanyang nagsasariling kaharian sa iglesia. Pero sinasabi ng mga huwad na lider na, "Napakahusay ng taong ito. Dati siyang propesor sa unibersidad, at malinaw ang pananalita niya, masistema, at ito ay sa organisado at mahusay na paraan. Dagdag pa rito, hindi siya kinakabahan sa entablado, gaano man karami ang nanonood." Maliwanag pa sa sikat ng araw na ang taong tinutukoy ng huwad na lider ay isang Pariseo na nagtatatag ng nagsasarili nitong kaharian, subalit pinupuri pa rin ito ng mga huwad na lider. Hindi ba't pagiging bulag iyon ng mata? (Oo.) Kung may kumakanta na sintunado at hindi mo ito naririnig, maituturing ba iyong pagiging bulag ng mata? (Hindi.) Isa iyong isyung propesyonal, sa halip na isyu ng kakayahan. Pero pagkatapos nilang makinig sa napakaraming katotohanan, hindi man lang makilatis ng mga huwad na lider kung ano ang mga anticristo, at hindi nila matukoy kung mabuti o masama ang pagkatao ng isang tao, o kung isa bang kandidato sa pag-aangat at paglilinang ng sambahayan ng Diyos ang isang tao, o kung ang isang tao ay isang hindi mananampalataya o kung taos-puso bang nananampalataya sa Diyos ang taong iyon, at hindi nila matukoy kung ang isang tao ay tapat sa paggawa ng kanyang tungkulin—ano, kung gayon, ang nakamit nila sa pakikinig ng mga sermon sa loob ng maraming taon na ito? Wala silang anumang nakamit na katotohanan, na nangangahulugang mga bulag na hangal sila; ganito kabulag ang mga huwad na lider. Naniniwala sila na ang pangunahing gawain ng isang lider ay ang makapangaral ng mga sermon, at makapangaral nang dalawa o tatlong oras, at na basta't kaya nilang magsalita ng mga salita at doktrina, bumigkas ng mga islogan, at pukawin ang damdamin ng mga tao, pasok sila sa pamantayan bilang mga lider, na kaya nilang pasanin ang gawain, na mayroon silang katotohanang realidad, at na nalulugod ang Diyos sa kanila. Anong klaseng lohika ito? Dahil hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang katotohanan at napakahina ng kakayahan, at bulag sa mata at isipan, lubusang wala silang taglay na abilidad kumilatis ng iba't ibang uri ng tao, at hindi nila malinaw na nakikilala ang iba't ibang uri ng tao. Kung gayon, magagawa ba nilang gamitin ang iba't ibang uri ng tao sa isang makatwirang paraan? (Hindi.) Isa lang ang estratehiya nila: Ang mga dating guro ay itinatalagang mangaral ng mga sermon, ang mga naging kabilang sa pakikipagkalakalan sa ibang bansa ay itinatalagang mangasiwa ng mga pangkalahatang usapin, ang mga marunong mag-Ingles ay itinatalagang maging mga tagasalin, at ang sinumang mahusay magsalita at makapal ang mukha ay itinatalagang mangaral ng ebanghelyo; ang mga mahiyain ay itinatalagang magsulat sa bahay ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, ang

mga malakas ang loob at mahilig gumanap ay hinirang bilang mga aktor, at ang mga gustong maging opisyal ay hinirang bilang mga lider o direktor. Ganito ginagamit ng mga huwad na lider ang mga tao, nang walang anumang prinsipyo.

Sa saklaw ng gawaing nasa responsabilidad ng mga huwad na lider, madalas na napipigilan ang ilang tao na tunay na naghahangad sa katotohanan at nakatutugon sa pamantayan para maiangat at malinang. Ang ilan sa mga taong ito ay nangangaral ng ebanghelyo, at ang ilan naman ay naitalagang gumawa ng mga tungkuling pagpapatuloy sa bahay. Ang katunayan ay may kakayahan silang lahat, at nauunawaan nila ang ilang katotohanan, at karapat-dapat silang malinang bilang mga lider at manggagawa, sadyang ayaw nilang magpakitang-gilas o maging sentro ng atensiyon. Subalit, hindi man lang pinapansin ng mga huwad na lider ang mga taong ito. Hindi sila nakikisalamuha o nag-uusisa tungkol sa mga ito, at hindi sila kailanman naglilinang ng mga taong may talento para sa sambahayan ng Diyos. Nakatuon lang sila palagi sa pambibitag sa mga taong nambobola sa kanila, para matugunan ang sarili nilang mga makasariling pagnanais. Bilang resulta, ang mga taong tunay na naghahangad sa katotohanan ay hindi naiaangat at nalilinang, samantalang ang mga mahilig na maging sentro ng atensiyon, magaling magsalita, marunong sumipsip, at mahilig sa kasikatan, pakinabang, at katayuan—naiaangat silang lahat, at maging iyong mga naging opisyal, CEO ng kompanya, o nakapag-aral ng corporate management sa lipunan sa labas ay naitatalaga sa mahahalagang posisyon. Mga tunay na mananampalataya man o hindi ang mga taong iyon, o mga tao man silang naghahangad sa katotohanan o hindi, ano't anuman, sila ang mga taong naiaangat at nagagamit sa saklaw ng gawaing responsabilidad ng mga huwad na lider. Paggamit ba ito sa mga tao nang alinsunod sa mga prinsipyo? Hindi ba't ang pag-aangat lang ng mga huwad na lider sa gayong mga tao ay katulad ng lipunang walang pananampalataya? Sa panahong gumagawa ang mga huwad na lider, ang mga tao na talagang nakakagawa ng mga bagay-bagay kapag gumagawa ng tungkulin nila, na may pagpapahalaga sa katarungan, at nagmamahal sa katotohanan at sa mga positibong bagay—hindi sila naiaangat o hindi sila nalilinang, at mahirap para sa kanila na magkaroon ng mga pagkakataon para makapagsanay. Sa halip, iyong mga magaling magsalita, mahilig magpakitang-gilas, at marunong sumipsip, pati na rin ang mga mahilig sa kasikatan, pakinabang, at katayuan, ang naitatalaga sa mahahalagang posisyon. Tila matatalino naman ang mga taong iyon, pero sa katunayan ay wala silang abilidad na makaarok, napakahina ng kakayahan nila at napakasama ng pagkatao nila, wala silang dinadalang tunay na pasanin sa mga tungkulin nila, at hindi talaga sila karapat-dapat na malinang. Gayumpaman, sila ang umookupa sa mga posisyon ng mga lider at manggagawa sa iglesia. Ang resulta nito ay hindi nagagawa nang maayos at mabilis ang karamihan sa gawain ng iglesia, o mabagal ang pag-usad nito, at masyadong matagal bago maipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang mga ito ang epekto at kinahihinatnang dulot ng maling paggamit sa mga tao ng mga huwad na lider sa gawain ng iglesia.

Karamihan sa mga huwad na lider ay may mahinang kakayahan. Bagaman tila magaling silang magsalita, wala talaga silang abilidad na makaarok sa katotohanan, hanggang sa puntong wala silang espirituwal na pang-unawa. Bulag ang kanilang mga mata at isipan, hindi nila makilatis ang anumang usapin at hindi talaga nila nauunawaan ang katotohanan, na isa nang malubhang problema. May isa pa silang mas malubhang problema, iyon ay na kapag nakaunawa at naging bihasa na sila sa ilang salita at doktrina at kaya na nilang isigaw ang ilang islogan, iniisip nilang mayroon na silang katotohanang realidad. Kaya, anumang gawain ang ginagawa nila at sinumang pinipili nilang gamitin, hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, at hindi sila nakikipagbahaginan sa iba, at lalong hindi nila sinusunod ang mga pagsasaayos sa gawain at ang mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Napakalaki ng tiwala nila sa sarili nila, palagi nilang pinaniniwalaan na tama ang mga ideya nila at ginagawa nila ang anumang gusto nila. Bilang resulta, kapag nahaharap sila sa isang suliranin o pambihirang pangyayari, hindi nila alam ang gagawin. Bukod pa rito, madalas silang nagkakamali sa paniniwala na, dahil maraming taon na silang gumagawa sa sambahayan ng Diyos at may sapat na karanasan na sila sa paglilingkod bilang lider doon, alam na nila kung paano patakbuhin at paunlarin ang gawain ng iglesia. Tila nauunawaan na nila ang mga bagay na ito, pero ang totoo, hindi talaga nila alam kung paano gumawa ng anumang gawain. Ginagawa nila ang gawain ng iglesia sa anumang paraang gusto nila, sinusunod nila ang sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon, karanasan at mga nakagawian nila, at ang mga regulasyon nila. Ito ang nagdudulot ng kaguluhan at kalituhan sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, at pumipigil sa kanila na magbunga ng anumang tunay na resulta. Kung may ilang tao sa isang pangkat na nakakaunawa sa katotohanan at kayang gumawa ng kaunting tunay na gawain, kaya nilang mapanatili ang pagiging normal ng gawain ng pangkat na iyon. Pero, wala talaga itong kinalaman sa huwad na lider nila. Ang dahilan kung bakit puwedeng magawa nang maayos ang gawain ay dahil may ilang mabuting tao sa pangkat na kayang gumawa ng kaunting tunay na gawain at panatilihin ang gawain sa tamang direksyon; hindi ito nangangahulugan na gumawa ng tunay na gawain ang huwad na lider nila. Walang magagawang bahagi ng gawain kung walang ilang mabuting tao na gaya nito ang namamahala. Sadyang hindi kayang gawin ng mga huwad na lider ang trabaho nila, at wala talaga silang silbi. Bakit guguluhin ng mga huwad na lider ang gawain ng iglesia? Ang unang dahilan ay na dahil hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang katotohanan, hindi nila kayang makipagbahaginan tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga problema, at hindi sila naghahanap ng paraan kung paano lutasin ang mga problema, kaya nagkakapatong-patong ang mga problema at humihinto ang gawain ng iglesia. Ikalawa, ang mga huwad na lider ay bulag, at hindi nila natutukoy ang mga indibidwal na may talento. Hindi nila magawan ng mga angkop na pagsasaayos ang mga tauhan ng superbisor ng pangkat, na nagreresulta sa kawalan ng naaangkop na tagapamahala sa ilang gawain, na humahantong sa pagkahinto ng gawain. Ikatlo, ang

mga huwad na lider ay kumikilos nang masyadong katulad ng mga opisyal. Hindi nila pinapangasiwaan o pinapatnubayan ang gawain, at kung nasaan naroon ang kahinaan sa gawain, hindi sila maagap na nakikilahok o nagbibigay ng gabay sa mga detalye ng gawain. Halimbawa, ipagpalagay nang sa isang partikular na aytem ng gawain, ang ilang tao na gumaganap ng gawain ay mga bagong mananampalataya na walang masyadong pundasyon, hindi nila nauunawaan ang katotohanan, hindi sila masyadong pamilyar sa larangan ng gawain, at hindi pa nila masyadong naaarok ang mga prinsipyo ng gawain. Ang isang huwad na lider, dahil bulag siya, ay hindi nakikita ang mga problemang ito. Naniniwala siya na basta't may isang taong gumagawa ng gawain, ayos na iyon; hindi mahalaga kung maayos o hindi ang pagkakagawa rito. Hindi niya alam na saanman may kahinaan sa gawain ng iglesia, dapat niya itong subaybayan, siyasatin, at patnubayan; na dapat siyang personal na makilahok sa paglutas ng mga problema at suportahan ang mga gumagawa ng kanilang mga tungkulin hanggang sa maunawaan ng mga ito ang katotohanan, makakilos ang mga ito ayon sa mga prinsipyo, at makapasok sa tamang landas. Kapag naabot na ang puntong ito, saka lang hindi na nila kailangang mag-alala nang labis. Hindi ganito gumawa ang mga huwad na lider. Kapag nakikita nilang may taong naroroon para gumawa ng gawain, hindi na nila ito pinapansin. Hindi sila nagtatanong, anuman ang kalagayan ng gawain. Kung saan may kahinaan sa gawain, o kung may isang superbisor na may mahinang kakayahan, hindi sila personal na nagbibigay ng gabay sa gawain, at hindi sila mismo nakikilahok sa gawain. At kapag ang isang superbisor ay may kakayahang pasanin ang trabaho, ang mga huwad na lider ay lalong hindi personal na nagsusuri sa mga bagay-bagay o nagbibigay ng gabay; nagpapasarap lang sila, at kahit na may mag-ulat ng isang isyu, hindi sila nagtatanong tungkol dito—iniisip nilang hindi na ito kailangan pa. Walang ginagawa ang mga huwad na lider na anuman sa partikular na gawaing ito. Sa pagbubuod, ang mga huwad na lider ay mga bulok na tao na hindi gumagawa ng kahit katiting na tunay na gawain. Naniniwala sila na sa anumang gawain, basta't may isang taong namamahala at nakahanda ang lahat na akuin ang gawain, tapos na ang mga bagay-bagay. Iniisip nila na ang kailangan lang nilang gawin ay magdaos ng pagtitipon paminsan-minsan, at magtanong-tanong kung may lumitaw na isyu. Habang gumagawa sa ganitong paraan, naniniwala pa rin ang mga huwad na lider na mahusay ang kanilang ginagawa at nasisiyahan sila nang husto sa sarili nila. Iniisip nila, "Walang problema sa anumang aytem ng gawain. Ang lahat ng tauhan ay ganap nang naisaayos, at ang mga superbisor ay nakatalaga na. Napakagaling ko sa gawaing ito, talagang may talento ako!" Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan? Sobrang bulag ng mga mata at isipan nila na hindi nila nakikita ang anumang mga gampanin na dapat gawin at hindi nila natutuklasan ang anumang mga problema. Sa ilang lugar, tumigil na ang mga gawain, pero ayon sila, kontento, iniisip nila, "Bata pa ang lahat ng kapatid, mga baguhan silang lahat. Ganadong-ganado sila sa pagharap sa mga tungkulin nila; siguradong magagawa nila nang maayos ang gawain." Ang totoo, mga baguhan ang mga kabataang ito, wala silang nauunawaan sa anumang mga

propesyonal na kasanayan. Kailangan nilang matuto habang gumagawa sila. Naaangkop na sabihing hindi pa nila alam kung paano gawin ang anumang gawain: Ang ilan ay maaaring may kaunting maunawaan, pero hindi sila mga eksperto, at hindi nila naaarok ang mga prinsipyo, at kapag nakatapos sila ng isang gampanin, kailangan itong paulit-ulit na itama o madalas na ulitin pa nga. Mayroon ding ilang kabataang hindi pa nakapagsanay at hindi pa nakaranas ng pagpupungos. Labis silang salaula at tamad, at sakim sa kaginhawahan; hindi nila tinatanggap kahit katiting na katotohanan, at kapag nagdurusa sila nang kaunti, walang tigil ang kanilang paghihimutok. Karamihan sa kanila ay mga pabasta-bastang bulok na tao na nag-iimbot ng kaginhawahan. Sa ganitong uri ng mga kabataan, dapat talagang makipagbahaginan ka nang madalas sa kanila tungkol sa katotohanan, at lalong dapat mo silang pungusan. Dapat na may isang taong namamahala at nagbabantay sa mga kabataang ito. Dapat mayroong lider o manggagawa roon na personal na umako ng responsabilidad sa gawain nila at nagbibigay ng personal na pangangasiwa at paggabay. Sa ganoong paraan lang maaaring magbunga nang kaunti ang gawain nila. Kung ang lider o manggagawa ay aalis sa lugar ng gawain at hindi niya aasikasuhin ang gawain o hindi siya magtatanong tungkol dito, magkakagulo-gulo ang mga taong ito, at walang anumang magiging bunga ang pagganap nila sa kanilang tungkulin. Gayumpaman, walang kabatiran ang mga huwad na lider tungkol dito. Nakikita nila ang lahat bilang mga kapatid, bilang mga taong masunurin at mapagpasakop, kaya malaki ang tiwala nila sa mga ito, at binibigyan ang mga ito ng mga trabaho at pagkatapos ay hindi na iniintindi ang mga ito—ito ang pinakamainam na ebidensiya ng pagiging bulag ng mata at isipan ng mga huwad na lider. Hindi talaga nauunawaan ng mga huwad na lider ang katotohanan, hindi nila malinaw na nakikita ang mga bagay, at hindi nila kayang matuklasan ang anumang problema, pero iniisip nilang maayos ang ginagawa nila. Ano ang iniisip nila sa araw-araw? Iniisip nila kung paano kumilos na parang isang opisyal at tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan. Ang mga huwad na lider, tulad ng mga taong walang isip, ay hindi isinasaalang-alang ang mga layunin ng Diyos kahit kaunti. Wala silang ginagawang tunay na gawain, pero naghihintay pa rin sila na purihin sila ng sambahayan ng Diyos at iangat sila nito. Talagang wala silang kahihiyan!

Ganap na walang silbi ang mga huwad na lider sa paggawa ng kanilang mga gawain, at walang anumang kapuri-puri tungkol sa kanila. Bigo silang maarok ang mga prinsipyo pagdating sa kabuuang sitwasyon, lalo na ang mga nauugnay sa partikular na detalyadong gawain. Halimbawa, may ilang tao na may mahuhusay na propesyonal na abilidad ngunit sobrang mahina ang pagkatao, samantalang may iba naman na walang problema sa kanilang pagkatao, pero may mahinang kakayahan at mahinang mga propesyonal na abilidad. Pagdating sa kung paano dapat gamitin at italaga ang mga taong ito sa makatwirang paraan, mas lalong kakaunti ang alam ng mga huwad na lider sa ganitong mga mas tiyak at detalyadong bagay. Kaya, sa tuwing tinatanong ang mga huwad na lider kung nakahanap sila ng sinuman na medyo may mahusay na kakayahan

na puwedeng linangin, sinasabi nilang wala pa silang nahahanap na sinuman. Sobrang bulag ang mga huwad na lider—paano sila makakahanap ng sinumang tao? Kung tatanungin mo sila kung ano ang katangian ni Sister Ganito-at-ganyan, sasabihin nilang nag-iimbot ang sister na ito ng mga kaginhawahan ng laman; tanungin mo sila kung ano ang katangian ni Brother Ganito-at-ganyan, at sasabihin nilang madalas na negatibo ang brother na ito; tanungin mo sila kung ano ang katangian ng iba pang tao, at sasabihin nila sa iyo na matagal nang hindi nananampalataya sa Diyos ang taong iyon at walang pundasyon. Sa mga mata nila, walang sinuman ang sapat na mahusay. Tinitingnan lang nila ang mga kamalian, pagkukulang, at pagsalangsang ng ibang tao; hindi nila magawang suriin kung umaayon ba ang isang tao sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos para sa pag-aangat at paglilinang, o kung ang taong ito ba ay isang mabuting kandidato para sa pag-aangat at paglilinang. Hindi nila matukoy kung sino ang tunay na naaangkop na iangat at linangin, pero sobrang masigasig at mabilis nilang inaangat iyong mga hindi nakakatugon sa mga hinihingi at mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Inaangat nila ang lahat ng mayayamang babae, mayayamang lalaki, at mga anak ng mayayamang pamilya sa iglesia, pati na iyong nakapaglingkod bilang mga opisyal sa mundo sa labas, iyong mga magaling magsalita, at iyong mga marunong mandaya at manggantso—sa anumang kaso, inaangat nila ang sinumang kilala at respetado sa mundo sa labas at ang sinumang mahilig magpapansin. Naniniwala sila na ang mga taong ito ang tanging may talento, at wala silang natutukoy o inaangat kahit isang tao na talagang nagtataglay ng abilidad na umarok at kayang tumanggap ng katotohanan. Magiging mas mahirap para sa isang huwad na lider na magbigay ng isang tunay na kalipikadong talento para sa sambahayan ng Diyos kaysa sa maglakad siya papuntang buwan. Halimbawa, sabihin natin na kasalukuyang nangangailangan ang sambahayan ng Diyos ng mga indibidwal na may talento para sa gawaing nakabatay sa teksto—may ganitong uri ng indibidwal sa isang iglesia na pinamamahalaan ng isang huwad na lider, pero hindi inirerekomenda ng huwad na lider na iyon ang pangalan ng taong ito. Kapag tinanong ang huwad na lider kung bakit hindi niya iniangat o nilinang ang indibidwal na iyon, sasabihin niya: “Dalawang beses na nakiapid ang taong iyon habang nasa unibersidad, pero hindi na niya iyon inulit simula nang mag-asawa siya. Hindi ko alam kung dapat ba siyang iangat o hindi.” Anong klaseng pahayag ito? Magagarantiyahan mo ba na ang mga mayaman at makapangyarihang taong inaangat mo ay hindi kailanman nakiapid? Hindi ba’t mas lalo pa itong ginagawa ng mga taong iyon? Bakit hindi mo nakikita iyon? Ang mga huwad na lider ay sobrang huwad na espirituwal, ipinapalabas nilang may alam silang ilang prinsipyo, at naghahanap ng mga dahilan para pangatwiranan ang hindi nila pag-aangat sa mga dapat sanang iangat at linangin. Sa mga mata nila, ang lahat ay mas mababa sa kanila. Ano ang nangyayari sa huli? Nakapanindigan ba ang mga “elitista” at “taong may talento” na iniangat ng mga huwad na lider? Hindi naman sa sinasabi nating tiyak na hindi mabubuting tao ang mga taong ito. Ang pangunahing inilalantad natin ay na

ang prinsipyo ng mga huwad na lider sa pagtrato sa mga tao ay ang gamitin ang mga kuru-kuro ng tao bilang kanilang sukatan, sa halip na ang katotohanan, at na ang prinsipyo nila sa pag-aangat at paglilinang sa mga tao ay ang sumunod sa sarili nilang mga kuru-kuro, imahinasyon, at kagustuhan, at sa ganap na pananaw ng mga walang pananampalataya, sa halip na gamitin ang mga hinihinging pamantayan ng sambahayan ng Diyos bilang kanilang sukatan. Bakit nagagawa ito ng mga huwad na lider? Dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan o ang mga layunin ng Diyos, nagagawa nilang iangat iyong mga sadyang hindi nakakatugon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, tumutuon sa paglilinang ng mga ito, at hinahayaan ang mga ito na humawak ng mahahalagang gawain sa sambahayan ng Diyos. Ganoon ang gawaing ginagawa ng mga huwad na lider. Tingnan ang mga huwad na lider sa paligid mo; hindi ba't ganito sila gumawa at ganito nila tratuhin ang mga tao?

May isang partikular na pananaw na madalas na nabubunyag sa mga huwad na lider: Iniisip nila na ang mga may kaalaman, may katayuan, at ang mga nakapagserbisyo bilang mga opisyal sa mundo sa labas ay pawang mga taong may talento, at na dapat linangin at gamitin ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao matapos silang magsimula na manampalataya sa Diyos. Talagang pinahahalagahan at sinasamba nila ang mga taong iyon—itinuturing pa nila ang mga ito na parang sarili nilang kamag-anak at kapamilya. Kapag ipinapakilala nila ang mga taong ito sa iba, madalas nilang ikinukuwento kung paanong sa mundo sa labas, ang mga taong ito ang boss ng isang kompanya, o ang lider ng isang departamento ng gobyerno, o editor ng ilang pahayagan, o direktor sa departamento ng pampublikong seguridad, o ikinukuwento nila kung gaano kayaman ang mga ito. Napakataas ng tingin ng mga huwad na lider sa gayong mga tao. Ano ang masasabi ninyo, may kakayahan ba ang mga huwad na lider? Hindi ba't sila ay huwad na espirituwal, at hindi nakakikilatis sa mga bagay-bagay? Iniisip ng mga huwad na lider na sapagkat ang mga taong ito ay mga indibidwal na may talento sa lipunan, dapat silang linangin ng sambahayan ng Diyos at bigyan sila ng mahalagang papel na gagampanan sa pagpasok nila rito. Tama ba ang pananaw na ito? Naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo? Kung walang pagmamahal sa katotohanan ang mga taong ito kahit kaunti, at walang konsensiya at katwiran, maaari ba silang linangin at bigyan ng mahalagang tungkulin ng sambahayan ng Diyos? Hindi sila kalipikadong linangin. Ang katunayan na sila ay mga indibidwal na may talento sa gitna ng mga walang pananampalataya ay hindi nangangahulugan na sila ay mga taong may talento sa sambahayan ng Diyos, ngunit gustong-gusto ng mga huwad na lider na ito ang pagiging opisyal, at labis nilang sinasamba ang mga naging opisyal. Sa tuwing nakakakita sila ng mga taong naging opisyal o may katayuan sa mundo sa labas, labis-labis silang nagbibigay-galang at kumikilos nang sobrang mapagpalugod sa mga ito, parang mga alipin sa harap ng kanilang amo; desperado silang nagnanais na tawagin ang mga ito na nanay o tatay, o ate o kuya, at hinihiling din nilang maiangat ang mga taong ito para maging mga lider o manggagawa sa iglesia. Sabihin ninyo sa Akin, mga

tao ba ito na naghahangad sa katotohanan? Ang pagkakaroon ba nila ng kaunting katayuan at pagtatamasa ng kaunting kabantugan sa mundo sa labas ay nangangahulugan na angkop silang magserbisyo bilang lider o manggagawa sa sambahayan ng Diyos? Kung hindi nila nauunawaan ang katotohanan at puno sila ng mayabang at palalong disposisyon, karapat-dapat ba silang maging lider o manggagawa sa sambahayan ng Diyos? Naaayon ba sa mga prinsipyo na iangat ang mga tao sa pamamagitan lang ng pagtutuon sa kanilang katayuan at kabantugan, at pagbabalewala sa kanilang karakter? Alam ba ng mga huwad na lider kung anong klaseng mga tao ang gusto ng Diyos, at anong klaseng mga tao ang inaangat at ginagamit Niya? Paulit-ulit na binibigyang-diin ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos na dapat iangat at linangin ang mga tao ayon sa tatlong pamantayan: Una, dapat nagtataglay sila ng pagkatao, konsensiya, at katwiran; pangalawa, dapat sila ay isang taong nagmamahal sa katotohanan at kayang tanggapin ang katotohanan; at pangatlo, dapat mayroon silang sapat na kakayahan at nagtataglay ng kapabilidad sa gawain. Tanging ang mga nakakatugon sa tatlong pamantayang ito ang maaaring iangat at linangin, at kalipikado na maging mga kandidato at maging mga lider o manggagawa. Talagang hindi sapat ang magtaglay lang ng kakayahan at talento. Karakter ang una, at pangalawa, mahalaga ang magawang tanggapin ang katotohanan—ang dalawang ito ang mga pinakamahalagang pamantayan. Kung iniaangat ang masasamang tao na walang pagmamahal para sa katotohanan, magiging kapinsa-pinsala ang mga kahihinatnan, kaya, ang mga walang pagkatao ay tiyak na hindi pahihintulutang maiangat. Pero binabalewala ng mga huwad na lider ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Kapag pumipili at gumagamit ng mga tao, palagi nilang pinagtutuunan kung mayroon bang katayuan sa lipunan ang isang tao, kung ano ang pinagmulan at posisyon nito, kung mataas ba ang antas ng pinag-aralan nito, at kung gaano kataas ang reputasyon nito sa lipunan—ito ang mga aspekto na kanilang pinagtutuunan kapag nag-aangat at naglilinang ng mga tao. Naaayon ba ito sa mga prinsipyong itinakda ng sambahayan ng Diyos? Naaayon ba ito sa katotohanan ng mga salita ng Diyos? Sino ang mga taong iyon na may katayuan sa lipunan? Masasabi na sila ay pawang mga taong nakikipaglaban para sa kapangyarihan at katayuan sa anumang paraan, at na sila ay kay Satanas. Kung hahawak sila ng kapangyarihan sa sambahayan ng Diyos, magiging iglesia pa rin ba ito ng Diyos? Ano ang pakay ng mga huwad na lider sa pag-aangat ng mga taong kay Satanas para maging mga lider? Ang ganitong pagkilos ba ay naaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paglilinang at paggamit ng mga tao? Hindi ba't hayagang panggugulo at pagsira ito sa gawain ng iglesia? Ang walang prinsipyong pag-aangat at paglilinang ng mga huwad na lider sa mga tao ay ang nagdudulot ng pinakamatinding pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia, at isang paraan ng paglaban sa Diyos.

Sobrang hina ng kakayahan ng mga huwad na lider at wala silang abilidad na umarok sa katotohanan. Kahit gaano karaming sermon ang pinakikinggan nila o gaano karaming salita ng Diyos ang binabasa nila, hindi pa rin sila ganap na nakakaarok, o

nakakaunawa sa katotohanan, at kahit ilang taon na silang nangangaral ng mga doktrina, hindi nila nauunawaan ang sinasabi nila, puro kalokohan lang ito, at imposibleng maintindihan! Kaya nilang makaalala at mangaral ng kaunting doktrina, kaya akala nila ay mayroon silang katotohanang realidad, pero wala silang ginagawang may kaugnayan sa katotohanan—ito ang mga pinakatipikal na halimbawa ng mga Pariseo. Sa panlabas, tila madalas silang nangangaral sa mga tao, at nagsasabi ng magagandang-pakinggang bagay, na parang nauunawaan nila ang katotohanan, ngunit ang ginagawa nila ay kontra sa katotohanan at kabaligtaran nito. Sinasabi rin nila na pinaglilingkuran nila ang Diyos at ginagawa ang gawain ng iglesia, samantalang sa katunayan, ang lahat ng ginagawa nila ay lubusang mapanlaban sa Diyos. Hindi kailanman inaangat ng mga huwad na lider ang mga taong may talento na kapaki-pakinabang sa sambahayan ng Diyos, at hindi nila pinapansin at nagbubulag-bulagan sila sa mga medyo matapat na tao na tunay na naghahangad sa katotohanan. Sa halip, inaangat at nililinang nila iyong mga nambobola, iyong mga tuso at mapanlinlang, at iyong may mga ambisyon at mga pagnanais na tumanggap ng gawain sa iglesia. Ang resulta ng lahat ng ito ay na, pagkalipas ng ilang panahon na nasa gawain ang mga taong iyon, ang iba't ibang gawain sa iglesia ay humihinto at halos napaparalisa, at kaya, ang gawain ng iglesia ay nasisira sa mga kamay ng mga huwad na lider na ito. Hindi ba't kasuklam-suklam sila, ang uri ng mga taong ito na mga huwad na lider? Dapat ba silang tanggalin? Dapat silang tanggalin! Ang bawat araw ng pagkaantala ay nakakaapekto sa gawain ng iglesia sa isang buong araw. Ayaw magbitiw nang kusa ng ilang huwad na lider kahit alam nilang wala silang kakayahang gumawa ng tunay na gawain, at patuloy na nahuhumaling sa mga pakinabang ng katayuan, at aabot pa sa puntong pipinsalain ang gawain ng iglesia. Mayroon bang kahit katiting na katwiran ang mga taong ito? Walang abilidad na umarok ang mga huwad na lider, o anumang tunay na talento at tunay na kaalaman, at hindi ang mga taong naghahangad sa katotohanan, at nag-iimbot din sila sa mga pakinabang ng katayuan—sila ay mga taong walang kahihiyan; kaya't tiyak na hindi sila dapat iangat at linangin. Kung sa tingin mo ay napakahina ng iyong kakayahan, at na wala kang abilidad na makilala ang tama sa mali, at na wala kang abilidad na maarok ang katotohanan, kung gayon, anuman ang gawin mo, huwag kang magpasasa sa iyong mga ambisyon at mga pagnanais, at huwag mong pagbulayan kung paano magsumikap na maging isang opisyal sa iglesia—sa pagiging lider ng iglesia—hindi ganoon kadali ang maging lider. Kung hindi ka isang matapat na tao at walang pagmamahal sa katotohanan, sa sandaling maging isa kang lider, magiging isa kang anticristo o isang huwad na lider. Mga taong walang konsensiya at katwiran ang kapwa mga anticristo at mga huwad na lider, at mga taong kayang gumawa ng kasamaan at guluhin ang gawain ng iglesia. Bagama't totoong masasabi na mga diyablo at Satanas ang mga anticristo, hindi rin mababuting tao ang mga huwad na lider; sa pinakamababa, sila ay mga taong tahasang walang kahihiyan, na walang konsensiya at katwiran. Mayroon bang anumang marangal sa pagiging isang huwad na lider at sa pagkakatanggal? Nakakahiya iyon, isang mantsa,

at talagang walang anumang ikinararangal tungkol dito. Kung may pagpapahalaga ka sa pasanin sa gawain ng iglesia, at nais makilahok doon, mabuti ito; ngunit dapat mong pagnilayan kung nauunawaan mo ba ang katotohanan, kung nagagawa mo bang magbahagi sa katotohanan para lutasin ang mga isyu, kung nagagawa mo bang tunay na magpasakop sa gawain ng Diyos, at kung nagagawa mo bang isagawa nang maayos ang gawain ng iglesia ayon sa mga pagsasaayos ng gawain. Kung nakakatugon ka sa mga pamantayang ito, maaari kang tumakbo upang maging lider o manggagawa. Ang ibig Kong sabihin sa pagsasabi nito ay na kahit papaano, dapat magtaglay ng kamalayan sa sarili ang mga tao. Tingnan muna kung nagagawa mo bang makilatis ang mga tao, kung kaya mo bang maunawaan ang katotohanan at magawa ang mga bagay-bagay ayon sa prinsipyo. Kung natutugunan mo ang mga hinihinging ito, angkop kang maging lider o manggagawa. Kung wala kang kakayahang suriin ang sarili mo, maaari mong tanungin ang mga tao sa paligid mo na pamilyar sa iyo o malapit sa iyo. Kung sinasabi nilang lahat na hindi sapat ang kakayahan mo para maging isang lider, at na sapat na ang paggawa mo lang nang maayos sa kasalukuyan mong gawain, kung gayon ay dapat mong agad na kilalanin ang iyong sarili. Dahil mahina ang kakayahan mo, huwag gugulin ang lahat ng oras mo sa pagnanais na maging lider—gawin mo lamang ang kaya mo, gawin nang maayos ang iyong tungkulin nang praktikal, upang magkaroon ka ng kapayapaan ng isipan. Mabuti rin ito. At kung kaya mong maging lider, kung talagang taglay mo ang gayong kakayahan at talento, kung taglay mo ang kapabilidad sa gawain, at mayroong pagpapahalaga sa pasanin, ikaw ay tiyak na uri ng tao na may talento na kulang sa sambahayan ng Diyos, at siguradong maaangat at malilinang; ngunit may oras ang Diyos sa lahat ng bagay. Ang hiling na ito—ang hiling na maiangat—ay hindi ambisyon, ngunit dapat mayroon kang kakayahan, at natutugunan ang mga pamantayan, para maging lider. Kung mahina ang iyong kakayahan subalit ginugugol pa rin ang lahat ng oras mo sa kagustuhan na maging lider, o tumanggap ng ilang mahahalagang gampanin, o maging responsable sa pangkalahatang gawain, o gumawa ng isang bagay na nagtutulot sa iyo na maitangi ang iyong sarili, sinasabi Ko sa iyo: Ito ay ambisyon. Maaaring magdala ng sakuna ang ambisyon, kaya dapat kang mag-ingat dito. Lahat ng tao ay may pagnanais na umusad at handang magpunyagi tungo sa katotohanan, na hindi naman problema. Ang ilang tao ay may kakayahan, nakatutugon sa mga pamantayan ng pagiging mga lider, at nagagawang magpunyagi tungo sa katotohanan, at mabuting bagay ito. Ang iba ay walang taglay na kakayahan, kaya dapat silang tumuon sa sarili nilang tungkulin, gampanan nang maayos ang tungkuling nasa harapan nila mismo at gawin ito ayon sa prinsipyo, at ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos; para sa kanila, mas mabuti iyon, mas ligtas, mas makatotohanan.

Ang mga inihalal bilang mga lider at manggagawa, o mga iniangat at nilinang ay hindi dapat nangangarap nang gising, sa pamamagitan ng pag-aakalang, “Pinili ako ng mga kapatid mula sa napakaraming tao, iniangat ng sambahayan ng Diyos, kaya talagang mayroon akong kaunting talento, at mas magaling ako kaysa sa mga ordinaryong tao; sa

kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang.” Mabuti bang mag-isip nang ganito? Hindi ba’t pagbubunyag ito ng tiwaling disposisyon? (Oo.) Ang maiangat at malinang ay isang mabuting bagay at isang magandang oportunidad, pero kung kaya mo ba o hindi na tahakin ang landas na ito nang maayos ay nakadepende sa kung paano mo haharapin ang oportunidad na ito at kung kaya mo ba itong pahalagahan. Binigyan ka ng Diyos ng pagkakataong ito, pero hindi iyon nangangahulugan na mas magaling ka talaga kaysa sa iba; maaaring mas mahusay nang kaunti ang kakayahan mo kaysa sa iba o na mayroon kang ilang kaloob, pero mahirap sabihin kung ano ang iyong buhay pagpasok at kung taglay mo ba ang katotohanang realidad—dahil magkakapareho ang mga tiwaling disposisyon ng lahat ng tao, at isa ka ring miyembro ng tiwaling sangkatauhan. Kung mapagtatanto mo ito, magagawa mong harapin nang tama ang pag-aangat at paglilinang sa iyo ng sambahayan ng Diyos. Hindi mo dapat ituring ang iyong sarili bilang isang taong may talento, ni isipin na taglay mo ang katotohanang realidad. Sadyang mayroon ka lang kaunting kakayahan at kayang magsumikap tungo sa katotohanan, kaya nabigyan ka ng pagkakataong sanayin ang sarili mo. Panahon ito ng probasyon, at hindi pa tiyak kung ikaw ba talaga ay isang taong naghahangad sa katotohanan, o kung karapat-dapat ka bang linangin. Mahirap sabihin kung magagawa mo bang manindigan pagkatapos mabigyan ng pagsubok sa panahong ito. Maaaring panatilihin ka para patuloy na linangin, o maaaring itiwalag ka—nakadepende ang lahat ng ito sa kung gaano ka magsisikap. Ito ang tungkol sa pag-aangat sa mga tao para maging mga lider at manggagawa, at dapat mong maunawaan iyon. Walang saysay na ikaw mismo ay nag-iisip na isa kang taong may talento. Kung hindi ka inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos, isa kang walang kuwenta. Kung hindi mo hinahangad ang katotohanan at ayaw mong gamitin ka ng sambahayan ng Diyos, wala kang anumang maisasakatuparan. Kung sasabihin mong, “Hindi ako ginagamit ng sambahayan ng Diyos, lalabas ako tungo sa lipunan,” sige kung gayon, lumabas ka tungo sa lipunan at subukan mo, tingnan mo kung sino ang mag-aangat sa iyo, at tingnan mo kung ano ang kaya mong maisakatuparan. Ang ibig Kong sabihin sa pagsasabi nito sa inyo ay na dapat mayroon kayong tamang pag-unawa at pagharap sa pag-aangat at paglilinang sa inyo ng sambahayan ng Diyos. Ang mga may mahina o katamtamang kakayahan at hindi nakatutugon sa pamantayang hinihingi para sa pag-aangat at paglilinang sa sambahayan ng Diyos ay kailangan lang tuparin ang kanilang tungkulin nang masunurin at matatag. Basta’t ginagawa mo ang iyong tungkulin nang buo mong puso at isipan, hindi ka tatratuhin ng Diyos nang hindi patas. Kaya, huwag kayong makipag-away tungkol sa mga usapin ng pag-aangat at paglilinang, pero huwag din ninyong tanggihan ang mga ito; hayaan lang ang lahat na dumaloy nang natural; sa isang banda, dapat ninyong sundin ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at sa kabilang banda, dapat kayong magkaroon ng pusong nagpapasakop sa Diyos—ito ang tamang daan. Madali ba itong gawin? (Oo, madali.) Mayroon bang anumang pakinabang sa isang taong may mahinang kakayahan na maging isang lider? Sa huli, kapag

nailarawan siya bilang isang huwad na lider at naitiwalag, ano ang mararamdaman niya tungkol dito? Iyon ba ang ginusto ninyo? (Hindi.) Dadalhin ninyo ang titulong “huwad na lider” sa inyong ulo, at kahit saan kayo magpunta, sasabihin ng mga tao na, “Minsang naging huwad na lider ang taong ito.” Mabuti ba iyon o masama? Hindi iyon mabuti, at hindi iyon isang bagay na marangal. Ang mga tao ay dapat magkaroon ng tamang pag-unawa at saloobin sa pag-aangat at paglilinang; sa mga bagay na ito, dapat nilang hanapin ang katotohanan, at hindi sila sumunod sa sarili nilang kalooban, o magkaroon ng mga ambisyon at mga pagnanais. Kung pakiramdam mo ay mahusay ang kakayahan mo ngunit hindi ka pa inangat ng sambahayan ng Diyos kahit kailan, ni walang anumang planong linangin ka, huwag kang madismaya o magsimulang magreklamo, tumuon ka lamang sa paghahangad sa katotohanan at pagpupunyaging sumulong. Kapag mayroon kang kaunting tayog at kaya mong gumawa ng tunay na gawain, natural na pipiliin kang maging lider ng hinirang na mga tao ng Diyos. At kung pakiramdam mo ay mahina ang kakayahan mo, at na wala kang tsansang maiangat o malinang, at na imposibleng makamtan ang iyong mga ambisyon, hindi ba mabuting bagay ito? Poprotektahan ka nito! Dahil mahina ang iyong kakayahan, kung makatagpo ka ng isang grupo ng mga bulag na magulo ang isip na pinili kang maging kanilang lider, hindi ba’t malalagay ka sa panganib? Hindi mo kayang gumawa ng anumang gawain at bulag ang iyong mga mata at isipan. Lahat ng ginagawa mo ay panggagambala; bawat galaw mo ay paggawa ng masama. Mas mabuti pang gawin mo nang maayos ang gawain ng kasalukuyan mong tungkulin; kahit papaano ay hindi mo maipapahiya ang iyong sarili, at mas mabuti iyon kaysa maging isang huwad na lider at maging puntirya ng kritisismo sa likod ng mga eksena. Bilang isang tao, dapat mong sukatin ang iyong sarili, dapat kang magkaroon ng kaunting kamalayan sa sarili; kung magkagayon, maiiwasan mong tumahak sa maling landas at gumawa ng malulubhang pagkakamali.

Gusto ba ninyong maging huwad na lider, o isang ordinaryong tagasunod? (Isang ordinaryong tagasunod.) Kung ihahalal ka ng mga kapatid, subukan mo ito; baka mas tumpak ang pananaw nila sa iyo kaysa sa pakiramdam mo tungkol sa iyong sarili. Kung sa tingin ng mga kapatid ay kaya mo, dapat mong ibigay ang lahat ng makakaya mo. Kung talagang sinubukan mong gawin ang lahat ng iyong makakaya pero nabibigo ka pa rin sa iyong gawain, at ang puso mo ay nag-aalab sa pagkabalisa na hindi ka makakain o makatulog nang dahil dito, at talagang hindi mo alam kung paano ito gawin nang maayos, kung gayon, tumigil ka sa pagiging lider o manggagawa—masyadong mahirap ito para sa iyo. Kung magpapatuloy ka, malamang na magiging isa kang huwad na lider, kaya dapat kang kaagad na sumulat ng isang liham ng pagbibitiw, na nagdedeklarang: “Dahil mahina ang kakayahan ko at walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain, kung ipagpapatuloy ko ang pagiging lider, hindi magtatagal ay tiyak na magiging isa akong huwad na lider sa huli, kaya, hinihiling ko na magbitiw, at kusang-loob na talikuran ang posisyon.” Ito ang pinakamatalinong paraan ng pagkilos, at ang pinakaangkop na gawin! Ito ay makatwiran, at mas mainam kaysa sa manatili sa

posisyon at maging isang huwad na lider. Kung alam na alam mo na may mahina kang kakayahan at wala kang kakayahang maging lider pero hindi mo matiis na bitiwan ang katayuan, at sinasabi sa iyong sarili, “Bakit hindi ko ito kayang gawin? Sino ang makakatulong sa akin? Napakaganda kung mapapanatili ko ang katayuan ko bilang lider habang may iba na nag-iisip ng lahat ng plano at estratehiya para sa akin! Sa ngayon, walang ibang naaangkop na pumalit sa puwesto ko, kaya’t maaari lang akong magpatuloy sa pagiging isang lider at magpakasaya rito sa bawat araw na nasa tungkulin ako; kahit na hindi ko magawa ang gawain, ako pa rin ang lider, at mas mainam ang maging isang lider kaysa sa maging isang ordinaryong kapatid. Kung hindi ako tatanggalin ng sambahayan ng Diyos at hindi ako aalisin ng mga kapatid, hindi ako magbibitiw.” Tama ba ito? (Hindi.) Bakit hindi ito tama? (Hindi ito makatwiran; kung wala akong kakayahang gumawa ng tunay na gawain at hindi pa rin ako magbibitiw, maaantala lang nito ang gawain ng iglesia.) Ang ganitong pagkilos ay nakakaantala sa gawain ng iglesia—nasasaktan nito ang iba at ang iyong sarili. Alam mo ba kung ano ang kahulugan ng maging lider? Nangangahulugan ito na may tuwiran kang ugnayan sa buhay pagpasok ng maraming tao, at may tuwirang ugnayan ang pamumuno mo sa kung paano nila tatahakin ang landas na nasa kanilang harapan. Kung namumuno ka nang maayos at inaakay mo sila sa tamang landas, magagawa nilang tumahak sa tamang landas. Kung hindi ka namumuno nang maayos at inaakay mo sila sa kapahamakan, at naging Pariseo sila kagaya mo, malaki ang iyong kasalanan! At pagkatapos mong gawin ang malaking kasalanan na ito, iyon na ba ang magiging katapusan nito? Itatala ito ng Diyos! Alam na alam mo na mahina ang iyong kakayahan, na isa kang huwad na lider, at walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain, subalit hindi ka umaamin sa iyong mga kamalian at nagbibitiw, kundi walang pakundangang kumakapit sa iyong posisyon, at ayaw mo itong isuko sa iba. Isa itong kasalanan, at tatandaan ito ng Diyos. At makakabuti ba o makakasama sa iyong hinaharap na tinatandaan Niya ito? Manganganib ka! Tapatan Kong sasabihin sa iyo ang katotohanan: Tinatandaan ng Diyos ang gayong mga bagay para sa bawat isang tao, at bawat aytem ay nakasulat nang malinaw. Kung may napakatinding bagay na mangyayari sa iyong landas tungo sa kaligtasan, malaki ang magiging epekto nito sa iyo! Anuman ang gawin mo, huwag mong tahakin ang landas na ito, at huwag kang maging ganitong klase ng tao.

Maikli nating napagbahaginan ang ilan sa mga pagsasagawa at pagpapamalas ng mga huwad na lider kaugnay sa pag-aangat at paglilinang sa iba’t ibang uri ng mga taong may talento. Sa kabuuan, ang uri ng tao na isang huwad na lider ay hindi gumagawa ng tunay na gawain, at walang kakayahang gumawa ng tunay na gawain. Mahina ang kakayahan niya, bulag ang mga mata at isipan niya, wala siyang kakayahang tumuklas ng mga problema, at hindi siya nakakakilatis sa iba’t ibang uri ng tao, kaya’t hindi niya magawang pasanin ang mahalagang gawain ng pag-aangat at paglilinang sa iba’t ibang uri ng mga taong may talento. Samakatwid, wala siyang paraan na magawa nang maayos ang gawain ng iglesia, at magdudulot siya ng maraming

suliranin para sa hinirang na mga tao ng Diyos sa kanilang buhay pagpasok. Batay sa mga salik na ito, malinaw na hindi angkop na maging mga lider ng iglesia ang mga huwad na lider. Mayroong ibang huwad na lider na hindi gumagawa ng partikular na gawain ng iglesia at hindi nakikipag-ugnayan sa mga superbisor ng partikular na gawain, kaya't hindi nila alam kung aling mga indibidwal na may talento ang may kakayahang gumawa sa kung anong gawain, ni kung sino ang angkop sa kung anong gawain, ni kung naaayon ba sa mga prinsipyo ang paggawa ng mga ito. Dahil dito, hindi nila maiangat at malinang ang mga taong may talento. Kung gayon, paano magagawa nang maayos ng gayong mga tao ang gawain ng iglesia? Ang pangunahing dahilan kung bakit hindi kayang gumawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider ay dahil mahina ang kakayahan nila; wala silang kabatiran sa anumang bagay at hindi alam kung ano ba ang tunay na gawain. Humahantong ito sa madalas na pagkahinto o pagkaparalisa sa gawain ng iglesia. Direktang nauugnay ang mga ito sa kabiguan ng mga huwad na lider na gumawa ng tunay na gawain. Sa nakalipas na ilang taon, paulit-ulit na binibigyang-diin ng sambahayan ng Diyos na kailangang alisin ang masasamang tao at mga hindi mananampalataya, at tanggalin ang mga huwad na lider at mga huwad na manggagawa. Bakit kailangang alisin ang iba't ibang masamang tao at hindi mananampalataya? Dahil matapos ang maraming taon ng pananampalataya sa Diyos, hindi pa rin tinatanggap ng mga taong ito ang katotohanan kahit kaunti, at umabot na sa puntong wala na silang pag-asa sa kaligtasan. At bakit kailangang tanggalin ang lahat ng huwad na lider at huwad na manggagawa? Dahil hindi sila gumagawa ng tunay na gawain, at hindi nila kailanman inaangat o nililinang ang mga taong naghahangad sa katotohanan; sa halip, nagpapakapagod lang sila sa mga walang kabuluhang pagsisikap. Nagsasanhi ito ng pagkagulo at pagkaparalisa sa gawain ng iglesia, na nagpapanatili sa mga kasalukuyang problema, hindi nalulutas, at pinapabagal din nito ang buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos. Kung tatanggalin ang lahat ng huwad na lider at manggagawa na ito, at kung paaalisin ang lahat ng masamang tao at hindi mananampalataya na gumugulo sa iglesia, likas na magiging maayos ang takbo ng gawain ng iglesia, likas na lalago nang mas mabuti ang buhay iglesia, at normal na makakakain at makakainom ng mga salita ng Diyos ang mga hinirang ng Diyos at makakagawa ng kanilang mga tungkulin, at makakapasok sa tamang landas ng pananalig sa Diyos. Ito ang gustong makita ng Diyos.

Pebrero 27, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (6)

Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa at sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider. Sa nakaraang pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikaanim na aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ano ang pangunahing nilalaman ng aytem na ito? (Ang ikaanim na aytem ay "Iangat at linangin ang lahat ng uri ng kalipikadong talento upang ang lahat ng naghahangad ng katotohanan ay magkaroon ng pagkakataon na magsanay at pumasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon.") Noong nakaraan, pangunahin nating pinagbahaginan ang tungkol sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos para sa pag-aangat at paglilinang sa mga tao, at kung bakit iniaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos ang mga tao. Hinimay rin natin ang mga problemang umiiral sa mga huwad na lider pagdating sa pag-aangat at paglilinang sa iba't ibang uri ng taong may talento. Kaya, ano ang mga pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider sa loob ng dalawang aytem na ito? Bakit natin sinasabing mga huwad na lider sila? May dalawang pangunahing aspekto. Ang isang aspekto ay na hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang mga prinsipyo para sa pag-aangat, paglilinang, at paggamit sa iba't ibang uri ng tao, ni hinahanap ang mga prinsipyong ito. Hindi nila alam kung anong mga aspekto ng kakayahan ang mahalagang taglayin ng mga tao o kung anong mga pamantayan ang mahalagang matugunan para maging lider o manggagawa. Dahil dito, walang ingat nilang ginagamit ang mga tao batay sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Ang isa pang seryosong isyu ay na pagkatapos iangat, linangin, at gamitin ang mga taong ito, hindi nila sinusubaybayan o sinusuri ang gawain ng mga ito, ni hindi nila inaalam kung gaano kahusay ang ginagawa ng mga ito, o kung gumagawa ng tunay na gawain ang mga ito, o kung natutupad ba ng mga taong ito ang kanilang mga responsabilidad, o kung ano ang kanilang karakter, o kung angkop ba sa mga taong ito ang mga tungkuling ginagawa nila, at hindi pinapansin ng mga huwad na lider kung ang mga tao ba na iniaangat, nililinang, at ginagamit nila ay pasok sa pamantayan at naaayon sa mga prinsipyo—hindi nila kailanman sinusuri ang mga bagay na ito. Iniisip ng mga huwad na lider na ito ay isang kaso lang ng pag-aangat sa mga tao, pagsasaayos ng gawain para sa mga ito, at wala nang iba pa, at na pagkatapos ay natupad na ang kanilang mga responsabilidad. Ganito ginagawa ng mga huwad na lider ang kanilang gawain, at ganito rin ang kanilang saloobin at pananaw habang gumagawa. Kaya mapatutunayan ba ng dalawang pangunahing pagpapamalas na ito ng mga huwad na lider na hindi nila ginagawa at hindi nila kayang tuparin ang kanilang mga responsabilidad pagdating sa pag-aangat, paglilinang, at paggamit sa mga tao? (Oo.) Hindi sinusuri ng mga huwad na lider ang gawain o inoobserbahan ang iba't ibang uri ng tao, at lalong hindi sila nagiging metikuloso pagdating sa katotohanan at sa mga prinsipyo, kung ikukumpara ang mga pagpapamalas at kalagayan ng iba't ibang uri

ng tao batay sa mga katotohanang nauunawaan nila at sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos; hindi rin nila makilatis kung ang pagkatao at mga kalakasan ng iba't ibang uri ng tao ay nakaaayon sa mga hinihinging prinsipyo ng sambahayan ng Diyos para sa paggamit sa mga tao. Sa mga kadahilanang ito, talagang naguguluhan at hindi sila maingat pagdating sa pag-aangat at paggamit sa mga tao, at pagsasaayos ng gawain para sa mga ito, at ang ginagawa lang nila ay ang magraos lang at gumawa ng paimbabaw na gawain batay sa sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon. Sa ganitong kaso, kung hihilingin sa mga huwad na lider na gumamit ng iba't ibang uri ng tao nang makatwiran at angkop batay sa pagkatao at mga kalakasan ng mga ito, magagawa ba ito ng mga huwad na lider? (Hindi, hindi nila ito magagawa.) Isantabi muna natin sa ngayon kung ano ang kakayahan ng mga huwad na lider. Sa pagtingin lang sa saloobin nila sa gawain at sa kanilang mga paraan at diskarte sa paggawa ng gawain, at ang katunayan na hindi man lang sila gumagawa ng anumang tunay na gawain, kundi nangangasiwa lang ng mga pangkalahatang usapin at gumagawa ng kaunting paimbabaw na gawain na naglalagay sa kanila sa sentro ng atensiyon, at ang katunayan na hindi man lang nila ginagawa ang gawain ng pagtutustos sa mga tao ng katotohanan, at hindi alam kung paano gamitin ang katotohanan para lutasin ang mga problema—lahat ng ito ay sapat nang patunay na hindi kayang gawin ng mga huwad na lider ang tunay na gawain ng iglesia. Batay lang sa katunayan na hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga huwad na lider, o hindi lubos na nakikipag-ugnayan sa mga kapatid para lutasin ang tunay na mga problema, at sa halip ay kumikilos na parang nakatataas at nagbibigay ng mga utos, maaaring makumpirma na wala silang kakayahang gampanan nang maayos ang lahat ng aspekto ng gawain ng iglesia para maiangat at malinang ang mga tao para sa sambahayan ng Diyos.

Ikapitong Aytem: Magtalaga at Gumamit ng Iba't Ibang Uri ng Tao Nang Makatwiran, Batay sa Kanilang Pagkatao at mga Kalakasan, Upang ang Bawat Isa ay Magamit sa Pinakamainam na Paraan (Unang Bahagi)

Makatwirang Paggamit sa Iba't Ibang Uri ng Tao Batay sa Kanilang Pagkatao

Ano ang pagkaunawa ninyo tungkol sa kung paano isaayos at gamitin ang iba't ibang uri ng tao? (May iba't ibang hinihinging pamantayan ang sambahayan ng Diyos para sa iba't ibang uri ng tao na iniaangat at nililinang, at dapat iangat at gamitin ang mga tao ayon sa mga prinsipyo at pamantayan ng sambahayan ng Diyos sa pag-aangat sa mga tao. Kung angkop ang ilang tao na maging mga lider o manggagawa, dapat silang linangin bilang mga lider, manggagawa, at superbisor; kung nagtataglay ang ilang tao ng mga propesyonal na kalakasan sa isang tiyak na larangan, ang tungkuling ginagawa nila ay dapat isaayos ayon sa kanilang mga propesyonal na kalakasan, upang maitalaga at magamit sila nang makatwiran.) May sinuman ba na may anumang idadagdag? (Ang

isa pang bagay ay ang pagsukat sa mga tao batay sa kanilang pagkatao. Kung medyo mabuti ang pagkatao ng isang tao, at mahal niya ang katotohanan, at mayroon siyang abilidad na umarok, kandidato siya para sa pag-aangat at paglilinang. Kung ang pagkatao niya ay katamtaman, pero mayroon siyang mga kalakasan at kaya niyang gumawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos at magserbisyo, maaari ding italaga ang ganitong uri ng tao sa isang angkop na tungkulin batay sa kanyang mga kalakasan, para magamit siya sa pinakamainam na paraan. Kung isa siyang tao na mayroong medyo masamang pagkatao at maaaring magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, ang pagpapagawa sa kanya ng isang tungkulin ay magdudulot ng higit na problema kaysa sa pakinabang, kaya hindi nararapat na isaayos siya na gumampan ng isang tungkulin.) Kung ang mga tao ay pinag-iiba-iba batay sa kanilang pagkatao, basta't hindi sila masasamang tao, hindi nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, at nagagawa nilang gumampan ng tungkulin, sila ay nakaaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao. Ang isa pang uri ng tao na hindi maaaring gamitin, bukod pa sa masasamang tao at masasamang espiritu, ay iyong mga kulang sa katalinuhan, ibig sabihin, iyong mga walang naisasakatuparan, na walang natatapos na anumang bagay, walang kakayahang matuto ng isang propesyon, hindi kayang mangasiwa ng mga simpleng pangkalahatang usapin, na hindi man lang kayang gumawa ng pisikal na trabaho—hindi maaaring gamitin ang mga taong kulang sa katalinuhan at pagkatao. Sino-sino ang mga taong kabilang sa kategoryang ito ng kakulangan sa katalinuhan? Iyong mga hindi nakakaunawa ng wika ng tao, na walang dalisay na pagkaarok, na palaging mali ang pagkaunawa sa mga bagay-bagay, nagkakamali, at nagbibigay ng mga walang kaugnayan na sagot sa mga tanong, at katulad ng mga taong mapurol ang isip o may kapansanan sa pag-iisip—lahat ng ito ay mga taong kulang sa katalinuhan. At mayroon ding mga lubhang kakatwang tao na iba ang pagkakaarok sa lahat ng uri ng mga bagay kumpara sa mga normal na tao—sila rin ay may problema sa katalinuhan. Kasama ba sa kakulangan sa katalinuhan ang kawalan ng kakayahang matuto ng anumang bagay? (Oo, kasama ito.) Kung gayon, ang kawalan ba ng kakayahang matutong magsulat ng mga artikulo ay maibibilang na kakulangan sa katalinuhan? (Hindi, hindi kabilang ito.) Hindi kabilang ang ganitong uri ng mga tao. Halimbawa, ang pagkatutong kumanta at sumayaw, pagkatuto ng mga kasanayan sa computer, o pagkatuto ng banyagang wika; ang kawalan ng abilidad na matuto ng mga bagay na ito ay hindi maibibilang na kakulangan sa katalinuhan. Kung gayon, ang kawalan ng kakayahang matuto ng aling mga bagay-bagay ang nagpapahiwatig ng kakulangan sa katalinuhan? Halimbawa, may kaunting kaalaman ang ilang tao, pero wala silang kakayahang matutong organisahin ang kanilang wika kapag nakikipag-usap sa iba. Kaya ba ng ganitong uri ng tao na magbahagi tungkol sa katotohanan, magdasal, at normal na makipag-usap sa iba kapag nananampalataya sila sa Diyos? (Hindi, hindi nila kaya.) Kapag mayroon silang ideya sa isipan nila o kapag nasa isang kalagayan sila, at gusto nilang magtapat at makipag-usap sa mga tao tungkol dito at maghanap ng landas

tungo sa solusyon, nagninilay-nilay sila sa loob ng ilang araw nang tuloy-tuloy, at hindi nila alam kung saan magsisimula o kung paano ipapahayag ang kanilang sarili. Sa sandaling magsalita sila, nalilito sila at nagsasalita sa magulong paraan, tila tumututol ang bibig nila na gawin ang iniutos sa kanila at hindi sila makapag-isip nang maayos. Halimbawa, sasabihin mo sa kanila, “Maganda ang panahon ngayon at sumisikat ang araw,” at sasagot sila, “Umulan kahapon at nagkaroon ng aksidente ng sasakyan sa kalsadang iyon.” Hindi magkatugma ang sinasabi nila at ng kanilang mga kausap. Ang ganitong uri ba ng tao ay may kakulangan sa katalinuhan? (Oo, may kakulangan nga.) Halimbawa, kung masakit ang ulo nila at tatanungin mo sila kung ano ang problema, sasabihin nila na medyo hindi komportable ang pakiramdam ng puso nila. Walang kaugnayan ang sagot na ito sa katanungan, hindi ba? (Oo.) Ito ay pagiging labis na kulang sa katalinuhan. Napakaraming ganitong tao. Maaari ba kayong magbigay ng halimbawa? (May ilang tao na palaging lumilihis sa paksa kapag sumasagot sa mga katanungan, sadyang hindi sila makaunawa kung ano ang itinatanong ng ibang tao sa kanila.) Ang madalas na paglihis sa paksa habang nakikipag-usap—ito ay kakulangan sa katalinuhan. At mayroon ding mga tao na hindi nakikilala ang kaibahan ng mga tagaloob at tagalabas kapag nakikipag-usap sila, at minsan ay ipinagkakanulo nila ang kanilang sarili kapag nagsasalita, nang hindi man lang ito namamalayan—ito rin ay kakulangan sa katalinuhan. Halimbawa, may ilang kapatid na nakatira kasama ang mga di-nananampalatayang miyembro ng pamilya, na nagtatanong sa kanila, “Ano ang ipinagagawa sa inyo ng inyong diyos?” Sasagot sila: “Ang Diyos na sinasampalatayanan namin ay napakabuti. Tinuturuan Niya kami na maging matatapat na tao, at na hindi kami pinapayagang magsinungaling sa kahit kanino, at kailangan naming magsalita nang matapat sa lahat ng tao.” Sa panlabas, tila nagpapatotoo sila sa gawaing ginagawa ng Diyos, niluluwalhati ang Diyos, at binibigyan ang kanilang mga tagapakinig ng magandang impresyon tungkol sa mga mananampalataya at na pagkatiwalaan sila, pero ganito ba talaga ang kaso? Ano ang sasabihin ng mga walang pananampalataya kapag narinig nila ito? Sasabihin nila, “Dahil hiningi sa inyo ng inyong diyos na maging matatapat na tao, kung gayon, sabihin ninyo sa amin ang totoo: Gaano karaming pera mayroon ang iglesia ninyo? Sino ang pinakamaraming ibinibigay na mga handog? Sino ang lider ng iglesia ninyo? Ilang lugar ng pagtitipon ang mayroon kayo?” Mabibigla ka, hindi ba? Hindi ba’t mahina ang isip ng mga taong ganito? Bakit ka nakikipag-usap sa mga diyablo at walang pananampalataya tungkol sa pagiging matapat na tao? Sa katunayan, hindi ka naman ganoon kamatapat sa harap ng Diyos. Kaya, hindi ba’t ipinagkakanulo mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagiging masyadong seryoso tungkol dito sa mga walang pananampalataya? Hindi ba’t parang nilalagay mo ang sarili mo sa kapahamakan at naglalagay ka ng bitag para sa iyong sarili? Hindi ba’t ikaw ay taong mapurol ang isip? Kapag binubuksan mo ang iyong puso o matapat kang nakikipag-usap sa isang tao, kailangan mong isaalang-alang kung sino ang kausap mo—kung diyablo o Satanas, puwede mo bang sabihin sa kanila kung ano talaga ang

nangyayari? Kaya, pagdating sa mga taong tulad nito, kinakailangang “mangagpakatalino gaya ng mga ahas, at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati”—ito ang turo ng Diyos sa sangkatauhan. Hindi alam ng mga taong mapurol ang isip na gawin ito. Marunong lang silang sumunod sa mga regulasyon, at magsabi ng mga bagay tulad ng, “Napakamatapat naming mga mananampalataya, hindi kami nandaraya sa sinuman. Tingnan ninyo kayong mga walang pananampalataya, puno kayo ng mga kasinungalingan, samantalang lahat kami ay nagsasalita nang matapat.” At pagkatapos nilang magsalita nang matapat, nagkakaroon ang mga tao ng magagamit laban sa kanila. Hindi ba’t ito ang pagkabigo nilang makilala ang kaibahan ng mga tagaloob at tagalabas? Hindi ba’t ito ay parang kahinaan sa pag-iisip? Nakakaunawa sila ng ilang doktrina pero hindi nila alam kung paano isagawa ang mga ito. Bumibigkas sila ng ilang islogan, at pagkatapos, pakiramdam nila ay talagang espirituwal sila, at inaakala na nakakaunawa sila sa katotohanan at nagtataglay ng katotohanang realidad, at nagpapakitang-gilas sila kahit saan, pero sa huli, sinasamantala ito ng mga Satanas at diyablo, at ginagamit ito laban sa kanila. Ito ay kakulangan sa katalinuhan.

Katatalakay lang natin tungkol sa ilang uri ng tao na kulang sa katalinuhan. Ang isang uri ay ang mga hindi nakakaunawa ng wika ng tao, at ang bigong makaunawa at makaarok sa pinakabuod at mahahalagang punto ng mga salita ng ibang tao; ang isa pang uri ay ang mga taong mapurol ang isip, na walang naisasakatuparang anumang bagay, at hindi nakakaarok sa mga prinsipyo o mahahalagang punto kahit na paano nila gawin ito; ang isa pang karagdagang uri ay iyong mga may sobrang panatiko at kakatwang pananaw sa lahat ng bagay. Pero ang isa pang uri ay iyong mga walang kakayahang matuto ng anumang bagay, ni walang kakayahang matuto kung paano magsalita o makipag-usap, o kung paano ipahayag ang kanilang mga iniisip at opinyon nang malinaw para maunawaan sila ng iba; bagama’t medyo may pinag-aralan sila, hindi nila ma-organisa ang wika nila sa kanilang isipan, o makapagsalita nang malinaw, ni makapagpahayag ng mga tamang pananaw, o makapagsakatuparan ng anumang bagay. Ang mga ito ay pawang mga taong kulang sa katalinuhan. Anumang likhang-sining o kasanayan ang aralin nila, patuloy nilang hindi naaarok ang mga prinsipyo at panuntunan. Kahit na nagagawa nila nang maayos ang isang likhang-sining o kasanayan paminsan-minsan, nagkataon lang ito; hindi nila alam kung paano nila ito nagawa nang maayos. Sa susunod na mabigo sila na magawa ito nang maayos, hindi rin nila alam kung bakit ganito ang kaso. Wala silang kakayahang matuto ng anumang bagay o maging bihasa rito. Kung hihilingin sa kanila na pag-aralan ang isang likhang-sining o teknikal na kasanayan, kahit gaano katagal nilang pag-aralan ito, teorya lang ang maaarok nila. Nakinig na sila sa mga sermon sa loob ng maraming taon, pero hindi pa nila naunawaan ang katotohanan. Kung hihilingin sa kanila na gawing prinsipyo at landas ng pagsasagawa ang mga salitang ito at mga espesipikong pahayag na madalas ibinabahagi ng sambahayan ng Diyos, hindi nila ito makakayang gawin kahit pa magpakahirap sila nang husto, at kahit paano pa sila turuan. Kinukumpirma nito na kulang sa katalinuhan ang

mga taong ito. May ilang tao na, sa edad na 50 o 60, ay nakakakuha ng eksaktong kaparehong mga resulta sa paggawa ng isang bagay kagaya noong sila ay 30 pa lang, nang walang kahit anumang pag-usad. Wala ni isang bagay silang matagumpay na natutunan sa buong buhay nila. Hindi naman nila inaksaya ang oras nila, sobra silang maasikaso at nagsisikap, pero hindi sila nagtagumpay na matuto ng anumang bagay; ipinapakita nito na kulang sila sa katalinuhan. Batay sa pinagbahaginan natin, naging mas malawak na ang saklaw ng itinuturing na kakulangan sa katalinuhan, hindi ba? Kayo ba mismo ay maibibilang na kulang sa katalinuhan? (Oo.) Medyo, sa mas mataas o mas mababang antas. Bakit Ko sinasabi iyon? Karamihan sa mga tao ay nakinig na ng mga sermon sa loob ng limang taon, pero hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang katotohanan, o kung ano ang mga layunin ng Diyos; at may ilang tao na nakinig na ng mga sermon sa loob ng 10 taon, o 20 o 30 taon pa nga, at hindi pa rin nila nauunawaan kung ano ang katotohanang realidad at kung ano ang mga salita at doktrina, puno ng mga doktrina ang mga bibig nila, at napakahusay nilang inililitanya ang mga ito—isa itong problema sa kanilang katalinuhan. Isantabi muna natin sa ngayon ang tungkol sa pag-arok sa katotohanan, sabihin na lang natin na nagpapakita ang mga tao ng mga sumusunod na pagpapamalas sa ilang panlabas na bagay at mga usaping ayon sa sentido komun: Kahit ilang taon na nilang ginagawa ang isang bagay, nananatiling pareho ang kanilang sitwasyon, kalagayan, at pang-unawa gaya noong unang beses silang magsimulang matuto nito, at paano man sila gabayan, turuan, o paano man sila magsagawa, wala pa rin silang anumang pag-usad. Ito ay kakulangan sa katalinuhan.

Ang pagpili at paggamit sa mga tao batay sa kung mayroon silang pagkatao o wala ay naaayon sa mga prinsipyo; kaya sabihin mo sa Akin, dapat ba nating linangin at gamitin ang mga taong may mahinang pagkatao, kulang sa katalinuhan, o may gawain ng masasamang espiritu? Tiyak na hindi iyon maaari. Bukod pa sa ilang uring ito ng mga tao na hindi umaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao, karamihan sa iba pang mga tao ay magagamit nang makatwiran batay sa kanilang pagkatao. Para sa mga taong may katamtamang pagkatao, na hindi matatawag na masama o mabuti, maaari lang silang maging mga karaniwang miyembro ng pangkat. Para sa mga taong medyo may mabuting pagkatao, na medyo makatwiran at nagtataglay ng konsensiya, na nagmamahal sa mga positibong bagay, na partikular na marangal, may pagpapahalaga sa katarungan, at kayang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, ang pagbibigay-diin ay maaaring ituon sa paglilinang at paggamit sa mga taong ito. Tungkol naman sa kung lilinangin at gagamitin sila bilang mga lider o lider ng pangkat, o para gumawa ng ilang mahalagang gawain, nakadepende ito sa kanilang kakayahan at mga kalakasan. Ito ay pagtitimbang kung paano gamitin ang iba’t ibang uri ng tao batay sa kanilang pagkatao.

Makatwirang Paggamit sa Iba’t Ibang Uri ng Tao Batay sa Kanilang mga Kalakasan

Higit pa nating pag-usapan kung paano gamitin ang iba’t ibang uri ng tao batay sa kanilang mga kalakasan. Bukod sa kakayahan, may ilang tao na mayroon ding ilang propesyonal na kasanayan kung saan mahusay sila. Ano ang ibig sabihin ng salitang “mga kalakasan”? (Ang pagkakaroon ng kasanayan sa isang pinagkadalubhasaang larangan, tulad ng kakayahang kumatha ng musika, tumugtog ng instrumentong pangmusika, o magpinta ng mga larawan.) Ang pag-unawa sa teorya ng musika, sining, at gayundin sa sayaw at pagsulat—lahat ito ay mga kalakasan. Ang pag-arte at pagdidirek ay mga kalakasan na may kinalaman sa paggawa ng pelikula, ang pagsasalin ay isang kalakasan sa wika, at ang paggawa ng video at special effects ay mga kalakasan din sa loob ng mga partikular na larangan. Kapag pinag-uusapan natin ang tungkol sa mga kalakasan, tinutukoy natin ang mga propesyonal na kasanayang nauugnay sa pinakamahalagang gawain ng iglesia. Ang ilang tao ay may pangunahing antas na ng kahusayan, at ang ilang tao ay nag-aaral ng mga bagay na ito pagkatapos nilang dumating sa sambahayan ng Diyos. Kung ang isang tao ay may pangunahing kahusayan pero hindi pasok sa pamantayan ang kanyang pagkatao, at isa siya sa mga taong kulang sa katalinuhan, isang masamang tao, o masamang espiritu, hindi siya puwedeng gamitin. Kung pasok sa pamantayan ang pagkatao ng isang tao at nagtataglay siya ng isang kalakasang kinakailangan ng sambahayan ng Diyos, maaari siyang iangat, linangin, gamitin, at italaga sa isang pangkat na angkop sa kanyang mga kalakasan, o na may kaugnayan sa kanyang taglay na mga propesyonal na kasanayan, at itakdang magtrabaho kaagad. May ilang tao na hindi pa nagtataglay ng propesyonal na kalakasan, pero handang matuto, at mabilis na nakakaintindi. Kung pasok sa pamantayan ang kanilang pagkatao, puwede silang linangin ng sambahayan ng Diyos at magsaayos ng mga kondisyon para matuto sila, at maaari ding gamitin ang gayong mga tao. Sa kabuuan, ang pagtatalaga ng mga tungkulin ay nakabatay sa kakayahan at mga kalakasan ng mga tao, at hangga’t maaari, ang mga taong may iba’t ibang kalakasan ay dapat isaayos na gumawa sa loob ng kanilang larangan ng kadalubhasaan, para magamit nila ang mga kalakasang ito. Kung hindi na kailangan ng sambahayan ng Diyos ang mga kalakasan nila, maaari silang isaayos na gumawa ng anumang bagay na kaya nilang gawin, batay sa kanilang kakayahan at pagkatao; ito ay tinatawag na makatwirang paggamit sa mga tao. Kung kailangan pa rin ng sambahayan ng Diyos ang mga kalakasan nila, dapat silang pahintulutang magpatuloy sa paggawa ng kanilang tungkulin sa larangang ito, at hindi sila puwedeng basta-bastang ilipat, maliban na lang kung napakaraming tao ang nagtatrabaho sa propesyong ito, na kung saan sa gayong kaso ay dapat bawasan ang bilang ng mga tao ayon sa sitwasyon, sa pamamagitan ng muling pagtatalaga ng mga hindi mahusay sa kanilang propesyon sa ibang mga tungkulin; ito ay makatwirang paggamit sa mga tao.

May isang partikular na uri ng tao na walang anumang espesyal na kasanayan—kaya niyang magsulat ng mga artikulo nang kaunti, kaya niyang kumanta sa tono, at matutong gumawa ng anumang bagay, ngunit hindi siya ang pinakamahusay sa mga bagay na ito. Saan siya pinakamahusay? Mayroon siyang kaunting kakayahan, medyo nagtataglay ng pagpapahalaga sa katarungan, at mayroon siyang kaunting kakayahan kung paano husgahan at gamitin ang mga tao. Bukod pa roon, nagtataglay siya higit sa lahat ng mga kasanayan sa pag-oorganisa. Kung bibigyan mo ang taong ito ng isang gampanin o trabaho, kaya niyang mag-organisa ng mga taong gagawa nito. Kasabay niyon, nagtataglay siya ng kapabilidad sa gawain; ibig sabihin, kung bibigyan mo siya ng trabaho, may abilidad siyang gawin ito nang maayos at tapusin ito. Mayroon siyang plano sa isipan, nang may mga hakbang at istruktura. Marunong siyang gumamit ng mga tao, kung paano maglaan ng oras, at kung sino ang gagamitin para sa gampaning ito. Kung may lumitaw na problema, alam niya kung paano talakayin sa lahat ang solusyon. Alam niya kung paano ibalanse at lutasin ang lahat ng bagay na ito. Hindi lamang nagtataglay ng kapabilidad sa gawain ang taong katulad nito, medyo mahusay rin siyang magsalita. Ang kanyang mga salita ay malinaw at maayos, at hindi niya nililito ang mga tao. Kapag nagtalaga siya ng gawain, nauunawaan ng lahat nang malinaw at alam nila kung ano ang dapat na ginagawa ng bawat tao; walang sinumang nakatunganga lang at walang mga kapabayaan sa gawain. Medyo malinaw at maayos din ang paliwanag niya sa mga detalye ng gawain, at lalo na para sa mga komplikadong isyu, nag-aalok siya ng pag-aanalisa, pagbabahagi, at inililista ang mga detalye para maunawaan ng lahat ang mga isyu, malaman kung paano gawin ang gawain, at malaman kung paano magpatuloy. Bukod pa roon, kaya rin niyang magbahagi tungkol sa kung anong mga paraan ng pagkilos ang maaaring may depekto, kung anong mga pamamaraan ng paggawa ang makakaapekto sa kahusayan, kung ano ang dapat pagtuunan ng pansin ng mga tao habang ginagawa nila ang kanilang gawain, at iba pa. Ibig sabihin, mas nag-iisip ang taong ito kaysa sa iba bago siya magsimulang gumawa—nag-iisip siya nang mas detalyado, mas makatotohanan, at mas komprehensibo kaysa sa iba. Sa isang banda, may utak siya, at sa isa pang banda, mahusay siyang magsalita. Ang pagkakaroon ng utak ay nangangahulugan na ginagawa niya ang mga bagay-bagay sa organisadong paraan, nang may mga hakbang at naaayon sa isang plano, at nang may malaking kalinawan. Ang kahusayan sa pagsasalita ay nangangahulugan na maaari siyang gumamit ng wika para ipahayag, nang malinaw at nauunawaan, ang mga ideya, plano, at kalkulasyon sa isipan niya, at na marunong siyang magsalita nang simple at maikli, para hindi malito ang mga nakikinig sa kanya. Ipinapahayag niya ang kanyang sarili sa wikang partikular na malinaw, tumpak, makatotohanan, at angkop. Ito ang ibig sabihin ng pagiging mahusay magsalita. Ang mga taong ganito ay mahusay magsalita, nagtataglay sila ng kapabilidad sa gawain, mga kasanayan sa pag-oorganisa, at dagdag pa rito, may pagpapahalaga sila sa responsabilidad, at medyo nagtataglay ng pagpapahalaga sa katarungan. Hindi sila mapagpalugod ng mga tao o mga tagapanatili

ng kapayapaan. Kapag nakakakita sila ng masasamang tao na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia, o ng mga taong mapurol ang isip at hamak na mga tao na hindi nag-aasikaso sa mga nararapat nilang gawain at kumikilos sa tusong paraan, nagagalit sila, naiinis, at kaya nilang maagap na lutasin at pangasiwaan ang mga problemang ito, at protektahan ang gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad at katarungan—hindi ba't ang mga pagpapamalas na ito ay ang mga prominenteng katangian ng ganitong uri ng pagkatao? (Oo.) Maaaring hindi mahusay makisalamuha sa iba ang mga taong gaya nito, o maaaring hindi sila gaanong mahusay sa anumang partikular na propesyonal na kasanayan, pero kung taglay nila ang mga katangiang inilalarawan Ko pa lang, maaari silang linangin bilang mga lider at manggagawa. Ang mga katangiang ito ay mga kalakasan din nila, ibig sabihin, mahusay silang magsalita, nagtataglay ng kapabilidad sa gawain, mga kasanayan sa pag-oorganisa, at medyo nagtataglay ng pagpapahalaga sa katarungan. Napakahalaga ng pagkakaroon ng pagpapahalaga sa katarungan. Mayroon bang pagpapahalaga sa katarungan ang masasamang tao at mga anticristo? (Wala.) Ang mga anticristo ay may buktot na kalikasan; imposible para sa kanila na magkaroon ng pagpapahalaga sa katarungan. Ang isa pang napakahalagang bagay ay na ang ganitong uri ng tao ay may espirituwal na pang-unawa at abilidad na umarok sa katotohanan; may kaugnayan ito sa kanyang kakayahan. Ang mga kalakasan ng ganitong uri ng tao ay tumutukoy sa mga katangian ng pagkatao at mga talento na kababanggit Ko lang ngayon, kasama na ang tatlong pamantayan ng pagkakaroon ng abilidad na umarok sa katotohanan, pagbubuhat ng pasanin para sa iglesia, at pagtataglay ng kapabilidad sa gawain. Maaaring linangin bilang mga lider ang gayong mga tao; walang problema roon. Bukod sa pagkakaroon ng utak at kakayahan, dapat may abilidad na umarok sa katotohanan ang isang lider, at may mga kasanayan sa pag-oorganisa at kapabilidad sa gawain sa kanyang trabaho, at kahusayan din sa pagsasalita. May ilang tao na may napakahusay na kakayahan, nagtataglay sila ng espirituwal na pang-unawa, pero kapag oras na ng pagbabahaginan sa mga pagtitipon, hindi nila masabi nang maayos ang gusto nilang iparating, lubos silang walang abilidad na i-organisa ang kanilang pananalita, at ang sinasabi nila ay ganap na walang lohika. Maaari bang linangin bilang mga lider ang gayong mga tao? (Hindi maaari.) May mga tao na halos kaya lang makipag-usap sa napakakaunting bilang ng mga tao; kaya nilang magbahagi tungkol sa ilang kalagayan, mga opinyon, at pagkaarok sa katotohanan, at kaya nilang sumuporta, magtustos, at tumulong sa iba, pero sa paligid ng mas maraming tao, hindi sila naglalakas-loob na magsalita, at natatakot sila, at maaari pa ngang nerbiyosin hanggang sa puntong maiiyak na. Maaari bang linangin ang gayong mga tao? Para sa isang tao na medyo may mahina at matatakutin na pagkatao, at may tendensiyang kabahan sa harap ng maraming tao, kung taglay niya ang pagkatao, mga kalakasan, at abilidad na umarok upang maging isang lider, maaari siyang linangin para maging lider ng isang pangkat o lider ng iglesia.

Una, linangin at sanayin muna siya; matapos siyang makaranas sa loob ng ilang panahon, magkakamit siya ng kabatiran at kaya magiging mas matapang siya nang kaunti, at hindi na siya matatakot na magsalita o humarap sa maraming tao. Sa kabuuan, pagdating sa mga taong mayroong mga katangian ng pagkatao at kalakasan na katatapos pa lang natin pagbahaginan ngayon, maaari silang linangin para maging mga lider basta't pasok sa pamantayan ang kanilang pagkatao. Kagaya ng napag-usapan natin noong nakaraan, para malinang ang isang tao bilang lider, hindi niya kinakailangang maunawaan ang lahat ng katotohanan, makapagpasakop sa Diyos, magkaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso, at iba pa. Hindi kailangang lubos na matugunan ang lahat ng pamantayang ito. Kung ang isang tao ay nagtataglay ng partikular na kakayahan, may espirituwal na pang-unawa, at kayang tumanggap sa katotohanan, maaari siyang iangat at linangin. Hindi ba't ito ay makatwirang paggamit sa mga tao? (Oo.) Ang pinakamahalagang pamantayan ay kung pasok ba sa pamantayan ang pagkatao ng isang tao o hindi.

Pakiramdam ng ilang tao, matapos marinig ang sinabi Ko, na natutugunan na nila ang mga pamantayan para sa pagiging isang lider at na dapat silang iangat. Isa itong maling pagkaunawa sa parte nila, hindi ba? Ganoon ba kasimpleng usapin ang pagiging lider? Iniisip nila, "Talagang mapamaraan ako, mayroon akong mga kasanayan sa pag-oorganisa, at mahusay akong magsalita, kaya kong ipaliwanag nang malinaw maging ang mga pinakakomplikadong usapin, kaya bakit hindi ako inaangat ng sambahayan ng Diyos? Bakit hindi ako pinipili ng mga kapatid na maging lider? Paanong hindi napapansin ng mga nakatataas na lider na may talento ako?" Huwag kang mag-alala. Kung talagang natutugunan mo ang mga pamantayan para maging lider o manggagawa, sa malao't madali, ikaw ay iaangat at pahihintulutang magsanay. Ang mahalaga ngayon ay na kailangan mong magsanay nang husto sa pagsasagawa ng katotohanan at pangangasiwa ng mga usapin ayon sa mga prinsipyo, at aktibong tumulong sa iba, at lumutas ng mga tunay na problema para sa hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag nakikita ng hinirang na mga tao ng Diyos na mayroon kang mahusay na kakayahan at kaya mong lumutas ng mga tunay na problema, irerekomenda at ihahalal ka nila. Kung hindi ka magkukusang gumawa ng kaunting tunay na gawain, at maghihintay ka lang sa araw na bigla kang ihahalal bilang lider o iaangat bilang eksepsiyon ng ang Itaas, hindi kailanman mangyayari iyon. Kailangan mong gumawa ng ilang tunay na gawain para makita ito ng lahat; sa sandaling personal na makita ng lahat ang mga kalakasan mo at pakiramdam nila na isa kang taong dapat na iangat, linangin, at gamitin, natural na irerekomenda at ihahalal ka nila. Kung sa ngayon ay pakiramdam mo na angkop kang maging isang lider, pero walang naghalal sa iyo, at hindi ka pa inaangat ng sambahayan ng Diyos, bakit kaya ganoon? Isang bagay ang sigurado: Hindi ka pa nakikilala sa mga mata ng mga kapatid. Maaaring ito ay dahil sa pagkatao mo, maaaring dahil sa paghahangad mo, o maaaring dahil sa mga kalakasan o kakayahan mo. Kung hindi nakikilala o sinasang-ayunan ng mga kapatid ang isa sa mga aspektong ito, hindi ka nila

ihahalal o irerekomenda. Kaya, kailangan mong patuloy na magsikap, patuloy na maghangad at magsanay, at kapag tunay mo nang nauunawaan ang katotohanan at kayang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo, natural na irerekomenda at ihahalal ka ng mga tao; ito ay isang sitwasyon kung saan natural na nangyayari ang mga bagay-bagay kapag nasa tamang kondisyon ang lahat. Hindi mo kailangang palaging asamin na maging lider o isipin ito sa lahat ng oras; isa itong maluhong pagnanais. Dapat kang magkaroon ng ordinaryong puso, maging isang tao na naghahangad sa katotohanan, maging mapagsaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, at matutong magpasakop at magpasensiya. Hindi ka puwedeng bulag na maghangad na maging lider; isa iyong ambisyon, at hindi ito ang tamang landas. Hindi ka dapat palaging mayroong ganitong ambisyon at pagnanais. Kahit pa mayroon ka talagang kakayahan, kailangan mong maghintay hanggang sa makapasok ka sa katotohanang realidad bago ka maging pasok sa pagseserbisyo bilang isang lider o manggagawa. Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan at hindi mo alam kung paano isagawa ang katotohanan, kahit pa pinili kang maging lider o manggagawa, hindi ka makakagawa ng anumang tunay na gawain at matatanggal at matitiwalag ka lang, na isang bagay na madalas mangyari. Kung ang tingin mo sa sarili mo ay nababagay kang maging isang lider, nagtataglay ng talento, kakayahan, at pagkatao para sa pamumuno, subalit hindi ka inaangat ng sambahayan ng Diyos at hindi ka inihahalal ng mga kapatid, paano mo dapat harapin ang bagay na ito? May landas ng pagsasagawa rito na maaari mong sundan. Dapat lubusan mong kilalanin ang iyong sarili. Tingnan mo kung ang talagang isyu ay na may problema ka sa iyong pagkatao, o na ang pagbubunyag ng ilang aspekto ng iyong tiwaling disposisyon ay nakakasuklam sa mga tao; o kung hindi mo ba taglay ang katotohanang realidad at hindi ka kapani-paniwala sa iba, o kung hindi ba pasok sa pamantayan ang paggampan mo sa iyong tungkulin. Dapat mong pagnilayan ang lahat ng bagay na ito at tingnan kung saan ka mismo nagkukulang. Matapos mong magnilay-nilay nang ilang sandali at mahanap kung nasaan ang problema mo, dapat mong hanapin kaagad ang katotohanan para lutasin ito, at pumasok sa katotohanang realidad, at sikaping magbago at umunlad, nang sa gayon kapag nakita ito ng mga nakapaligid sa iyo, sasabihin nila, “Nitong mga nagdaang araw, naging mas mahusay siya kaysa dati. Matatag siyang nagtatrabaho at nagseseryoso sa kanyang propesyon, at nakatuon siyang mabuti sa mga katotohanang prinsipyo. Hindi niya ginagawa ang mga bagay-bagay nang padalos-dalos o nang pabasta-basta, at mas maingat at responsable na siya sa kanyang gawain. Dati, mahilig siyang magyabang, at palagi siyang nagpapakitang-gilas, pero ngayon higit na siyang mas simple at hindi na hambog. Kahit nagagawa niya ang ilang bagay, hindi niya ito ipinagyayabang, at kapag may natapos siyang isang bagay, paulit-ulit niyang pinagninilayan ito, sa takot na may magawang mali. Mas maingat na siyang kumilos kaysa dati, at nang may-takot-sa-Diyos na puso—at higit sa lahat, kaya niyang magbahagi tungkol sa katotohanan para lutasin ang ilang problema. Totoo ngang umunlad na siya.” Ang mga nasa paligid mo na

nakasalamuha mo nang ilang panahon ay makikita na dumaan ka sa di-mapagkakailang pagbabago at paglago; sa iyong buhay bilang tao, sa iyong sariling asal at pangangasiwa ng mga usapin, at sa saloobin mo sa iyong gawain, at gayundin sa pagtrato mo sa mga katotohanang prinsipyo, mas nagsisikap ka kaysa dati, at mas mabusisi sa iyong pananalita at mga pagkilos. Nakikita ng mga kapatid ang lahat ng ito at isinapuso nila ito. Kung gayon, baka sakali ay magawa mong tumakbo bilang kandidato sa susunod na halalan, at magkakaroon ka ng pag-asang mahalal bilang lider. Kung talagang kaya mong gawin ang ilang mahalagang tungkulin, makakamit mo ang pagpapala ng Diyos. Kung tunay kang may pasanin at may gayong pagpapahalaga sa responsabilidad, at nais pumasan ng pananagutan, magmadali ka at sanayin ang iyong sarili. Tumutok sa pagsasagawa ng katotohanan at kumilos nang may mga prinsipyo. Sa sandaling may karanasan ka na sa buhay at kaya mo nang magsulat ng mga artikulo ng patotoo, tunay ngang umunlad ka na. At kung kaya mong magpatotoo para sa Diyos, tiyak na maaari mong makamit ang gawain ng Banal na Espiritu. Kung gumagawa ang Banal na Espiritu sa iyo, ibig sabihin ay pinapaboran ka ng Diyos, at kapag ginagabayan ka ng Banal na Espiritu, nalalapit na ang pagdating ng oportunidad mo. Maaaring may pasanin ka ngayon, pero hindi sapat ang iyong tayog at masyadong mababaw ang karanasan mo sa buhay, kaya kahit maging lider ka pa, malamang na matutumba ka. Dapat mong hangarin ang buhay pagpasok, lutasin muna ang maluluho mong pagnanais, bukal sa loob na maging tagasunod, at tunay na magpasakop sa Diyos, nang walang salita ng pagrereklamo sa kung anuman ang pinamamatnugutan o isinasaayos Niya. Kapag taglay mo ang ganitong tayog, darating ang oportunidad mo. Isang mabuting bagay na nais mong humawak ng mabigat na pananagutan, at na mayroon ka ng pasaning ito. Ipinapakita nito na mayroon kang maagap na puso na naghahangad na makausad at na gusto mong isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos at sumunod sa kalooban ng Diyos. Hindi ito isang ambisyon, kundi isang tunay na pasanin; responsabilidad ito ng mga naghahangad ng katotohanan at ang pakay ng kanilang paghahangad. Wala kang mga makasariling motibo at hindi ka naghahangad para sa sarili mong kapakanan, kundi para magpatotoo sa Diyos at mapalugod Siya—ito ang pinakapinagpapala ng Diyos, at gagawa Siya ng mga angkop na pagsasaayos para sa iyo. Sa ngayon, asikasuhin mo lang ang paghahangad sa buhay pagpasok, unahin mo ang pagsasakatuparan ng iyong tungkulin nang maayos, at pagkatapos ay magsulat ka ng ilang artikulo ng patotoong batay sa karanasan para magpatotoo sa Diyos. Kung tunay at praktikal ang mga patotoo mo, hahangaan at magugustuhan ka ng mga taong makakabasa ng mga ito, at gugustuhin nilang makisalamuha sa iyo, at irerekomenda ka nila, kaya darating ang oportunidad mo. Samakatwid, tiyak na kailangan mong sangkapan ang sarili mo ng katotohanan bago dumating ang oportunidad. Una, dapat magkaroon ka ng praktikal na karanasan, at pagkatapos, natural kang magkakaroon ng tunay na patotoo; gaganda nang gaganda ang mga resulta ng iyong tungkulin, sa panahong iyon, hindi mo magagawang magtago kahit na gustuhin mo, at irerekomenda ka ng mga kapatid sa

paligid mo. Dahil hindi lamang sa sambahayan ng Diyos kailangan ang mga taong may katotohanang realidad, kailangan din sila ng hinirang na mga tao ng Diyos; gustong makisalamuha ng lahat sa mga taong may katotohanang realidad, at gustong makipag-ugnayan ng lahat sa mga kaibigang mayroong katotohanang realidad. Kung makararanas ka hanggang sa ganitong antas, at makikita ng lahat na tunay ang patotoo mo at kikilalanin nila na mayroon kang katotohanang realidad, hindi mo maiiwasan ang maging isang lider kahit gustuhin mo, at igigiit ng mga kapatid na ihalal ka. Hindi ba't ganoon ang mangyayari? Kapag bumalik sa Diyos ang alibughang anak, ang Diyos ay nalulugod, natutuwa, at napapanatag ang puso Niya. Bilang isang taong may katotohanang realidad, paanong hindi ka gagamitin ng Diyos? Imposible iyon. Ang layunin ng Diyos ay ang magkamit pa ng mas maraming tao na maaaring magpatotoo para sa Kanya; ito ay para gawing perpekto ang lahat ng nagmamahal sa Kanya, at para gawing ganap ang isang grupo ng mga taong kaisa Niya sa puso at isip sa lalong madaling panahon. Samakatwid, sa sambahayan ng Diyos, may magagandang kinabukasan ang lahat ng naghahangad sa katotohanan, at ang kinabukasan ng mga taos-pusong nagmamahal sa Diyos ay walang limitasyon. Dapat maunawaan ng lahat ang layunin ng Diyos. Isang positibong bagay talaga ang magkaroon ng pasaning ito, at ito ay isang bagay na dapat taglayin ng mga may konsensiya at katwiran, pero hindi ibig sabihin na ang lahat ay magagawang humawak ng mabigat na pananagutan. Saan ito nagkakaiba? Anuman ang iyong mga kalakasan o kakayahan, at gaano man kataas ang iyong IQ, ang pinakamahalaga ay ang iyong paghahangad at ang landas na tinatahak mo. Kung pasok sa pamantayan ang pagkatao mo at mayroon kang partikular na kakayahan, pero hindi ka isang taong naghahangad sa katotohanan, at mayroon ka lang mabuting pagkatao at kaunting pagpapahalaga sa pasanin, magagawa mo ba nang maayos ang gawain ng pamumuno ng iglesia? Magagarantiya mo ba na kaya mong lutasin ang mga problema gamit ang katotohanan? Kung hindi mo ito magagarantiya, hindi ka pa rin mahusay sa gawain mo. Kahit na inihalal ka o itinalaga kang maging lider, hindi ka pa rin magkakaroon ng kakayahang gawin ang gawain, kaya ano pa ang silbi niyon? Bagama't matutugunan nito ang banidad mo, makakapinsala naman ito sa mga kapatid at makakaantala sa gawain ng iglesia. Kung matutugunan mo ang mga pamantayan para maging isang lider o manggagawa, at isa kang taong naghahangad sa katotohanan, at mayroon ka ring ilang patotoong batay sa karanasan, tiyak na magagawa mo nang mahusay ang trabaho sa gawain ng pamumuno, dahil mayroon kang mga patotoong batay sa karanasan, isa kang taong nakakaunawa sa katotohanan, at kayang magbuhat ng mabigat na pasanin ng pagiging isang lider ng iglesia. Ang pagkakaroon mo ng pagkataong pasok sa pamantayan at mga partikular na kalakasan ay mga pangunahing pamantayan lang para maiangat, malinang, at magamit ng sambahayan ng Diyos, pero kung magagawa mo ba nang mahusay ang trabaho sa gawain ng pamumuno ay nakadepende sa kung mayroon ka bang tunay na karanasan at ng katotohanang realidad—ito ang pinakamahalaga. Ang ilang tao ay mga tamang tao at naghahangad sila sa

katotohanan, pero mga tatlo hanggang limang taon pa lang silang nananampalataya at wala silang praktikal na karanasan. Magagawa ba nang maayos ng gayong mga tao ang gawain ng pamumuno ng iglesia? Nangangamba Ako na hindi sila magiging mahusay sa gawain. Saan sila nagkukulang? Wala silang praktikal na karanasan at hindi pa nila nauunawaan ang katotohanan. Kahit na kaya nilang magbigkas ng maraming salita at doktrina, hindi pa rin nila kayang lumutas ng mga problema gamit ang katotohanan. Samakatwid, hindi pa rin sila mahusay sa gawain ng pamumuno at kailangan pa nilang magpatuloy sa pagsasanay para matamo ang pagkaunawa sa katotohanan at pagpasok sa katotohanang realidad. Ipagpalagay, halimbawa, ang isang tao na pasok sa pamantayan ang pagkatao at na medyo matapat, at na bihirang magsinungaling at mandaya, at na ginagawa ang kanyang tungkulin nang hindi nagdudulot ng pagkagambala o kaguluhan, pero mahina siya sa paghahangad sa katotohanan; maaari bang linangin para maging isang lider o manggagawa ang gayong tao? Magiging napakahirap nito. Makakaya ba ng isang taong nakakatugon sa mga pamantayan ng pag-aangat, paglilinang, at paggamit, pero hindi naghahangad sa katotohanan, na maging isang taong naghahangad sa katotohanan kung iaangat siya bilang lider o manggagawa? Masisimulan ba niyang hangarin ang katotohanan? Makakapasok ba siya sa katotohanang realidad pagkatapos gumawa bilang isang lider o manggagawa sa loob ng ilang panahon? Magiging imposible iyon. Anuman ang mga pamantayang natutugunan ng isang tao, hangga't hindi siya isang taong naghahangad sa katotohanan, tiyak na hindi siya maaaring ihalal o iangat bilang isang lider o manggagawa. Kung ang isang tao ay nagtataglay ng pagkatao at kakayahan na pasok sa pamantayan, at kaya ring tumanggap ng katotohanan at sumailalim sa ilang pagbabago, maaari siyang iangat, linangin, at gamitin, at dahil dito, makukuha niya ang oportunidad na makapagsanay, makapasok sa katotohanang realidad, at makatahak sa landas tungo sa kaligtasan at pagiging perpekto. Samakatwid, sinuman ang iangat ng sambahayan ng Diyos para maging lider, manggagawa, o superbisor, ang layon nito ay hindi para tugunan ang mga personal mong pagnanais at ambisyon, ni hindi rin para tuparin ang iyong mga adhikain, kundi para mabigyan ka ng kakayahang tumahak sa landas ng kaligtasan at maging isang taong naperpekto.

Tungkol naman sa mga taong hindi gaanong sapat ang katalinuhan, mayroon din sila ng kahandaan na gawin nang maayos ang kanilang tungkulin at gusto nilang ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, pero wala silang karunungan, hindi nila alam kung paano kumilos ayon sa mga prinsipyo, at hindi nila makilatis ang anumang bagay. Sa ilang pagkakataon, nakakaranas sila ng tukso at nahuhulog sila rito, at dahil dito, nagkakanulo sila sa mga interes ng iglesia, nagkakanulo sa mga kapatid, at nagdudulot sila ng pinsala sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Paano natin dapat harapin at pakitunguhan ang ganitong uri ng mga tao na mapurol ang isip at kulang sa katalinuhan? Pagdating sa gayong mga tao na mapurol ang isip na walang espirituwal na pang-unawa at kulang sa katalinuhan, ang bawat isa sa kanila ay dapat tanggalin at iayos ang tungkulin nila, italaga sa ibang tungkulin, at walang ni isa ang maaaring

gamitin. Kung gagamitin ang gayong mga tao, maaari silang magdulot ng problema sa gawain ng sambahayan ng Diyos anumang oras—napakaraming aral na katulad nito. Sa panahon ngayon, maraming tao ang may kaunting wangis ng tao sa panlabas, pero hindi nila kayang magbahagi ng anumang katotohanang realidad. Maraming taon na silang nananampalataya sa Diyos pero nananatili pa rin sila sa ganitong kalagayan. Ang ugat ng problemang ito ay dapat makita nang malinaw; ito ay isang problema ng lubhang mahinang kakayahan at kawalan ng espirituwal na pang-unawa. Hindi magbabago ang gayong mga tao kahit gaano karaming taon pa silang manampalataya sa Diyos, at wala silang nagagawang makabuluhang pag-usad sa kabila ng lahat ng sermong napakinggan nila. Maaari lang silang ilagay sa isang tabi, para magserbisyo sa anumang maliit na paraang kaya nila. Mabuting paraan ba ito ng pakikitungo sa kanila o hindi? (Mabuti ito.) Ang ilang tao na kulang sa katalinuhan at walang kalakasan ay hindi kayang maunawaan ni kaunti ang mga salita ng Diyos kahit ilang taon na nilang nabasa ang mga ito, at hindi nila nauunawaan ang mga sermon kahit ilang taon na nilang napakinggan ang mga ito. May silbi pa rin ba na magbigay ng mga aklat ng mga salita ng Diyos sa gayong mga tao? (Wala na.) Hindi dapat ipamahagi ang mga aklat ng mga salita ng Diyos sa mga taong kulang sa katalinuhan, dahil walang saysay na gawin ito at katumbas ito ng pag-aaksaya, at ang anumang naipamahagi na sa kanila ay dapat bawiin kaagad. Hindi ito para pagkaitan sila ng karapatang magbasa ng mga salita ng Diyos, kundi dahil kulang ang katalinuhan nila. Kahit namumuhay ang gayong mga tao ng buhay iglesia, hindi nila nauunawaan ang katotohanan, lalo na ang gumawa ng isang tungkulin. Mga basura ang gayong mga tao, hindi ba? Dapat marunong kayong pangasiwaan ang basura. May ilang tao na mukhang totoong-totoo, pero napakababa ng kanilang katalinuhan na hindi man lang nila magawa nang maayos ang anumang pisikal na gawain, at pumapalpak sila sa lahat ng ginagawa nila. Kung may gawaing ipapagawa sa kanila, siguradong may masisira sila, kaya, hindi puwedeng gamitin ang mga taong gaya nito. Kung uutusan mo silang mag-igib ng isang balde ng tubig, masasagi nila ang isang bote ng mantika. Kung uutusan mo silang maghugas ng mangkok, makakabasag sila ng plato. Kung paglulutuin mo sila, magluluto sila nang sobrang dami o hindi kaya ay sobrang kaunti, o kaya naman ay masyadong maalat o matabang. Isinasapuso naman nila ito, pero paano man nila subukan, hindi nila ito magawa nang maayos, ni hindi sila mahusay kahit na sa pisikal na trabaho. Magagamit ba ang gayong mga tao? (Hindi.) Kaya kung hindi sila magagamit, ano ang dapat ipagawa sa kanila? Nangangahulugan ba ito na hindi na sila puwedeng manampalataya sa Diyos at na ayaw sa kanila ng sambahayan ng Diyos? Hindi, hindi iyon ang ibig sabihin. Huwag lang silang hayaang gumawa ng tungkulin. Kung hindi nila kayang gawin nang maayos ang mga bagay sa loob ng saklaw ng normal na buhay ng tao—kabilang na ang mga bagay na ayon sa sentido komun at nakagawiang gawain sa pang-araw-araw na buhay—o kung wala silang kakayahang gawin ang mga bagay na ito, hindi sila angkop na gumawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos.

Bagama’t hindi nagtataglay ng mabuting pagkatao o anumang espesyal na talento ang ilang tao, at lalong hindi rin puwedeng linangin para maging lider, kaya pa rin nilang gumawa ng ilang pisikal na gawain. Halimbawa, ang pagpapakain ng mga manok at pato, pagpapakain ng baboy, at pag-aalaga ng mga tupa ay mga trabahong kaya nilang gawin nang maayos. Kung bibigyan mo sila ng simpleng trabaho, kaya nila itong gawin nang maayos basta’t isinasapuso nila ito, at sa gayon ay puwedeng gumawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao. Bagama’t ito ay iisa at simpleng gawain, kaya nilang isapuso ito at tuparin ang responsabilidad, at kaya rin nilang gumawa ng mga kahilingan sa kanilang sarili ayon sa mga salita ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo. Gaano man kalaki o kaliit ang gawain, o kung mahalaga ang gawain o hindi, pagkatapos ng lahat, makakaya nilang gawin nang maayos ang iisang trabahong itinalaga sa kanila. Bukod sa kaya nilang magpakain nang maayos ng mga manok para mangitlog ang mga ito nang normal, kaya rin nilang protektahan ang mga manok na hindi matangay ng mga lobo. Kapag nakakarinig sila ng isang lobong umaalulong, agad nilang ipapaalam ito sa kanilang superbisor, nagsusumikap na makaiwas sa anumang kapahamakan sa paggampan nila sa trabaho at gampaning ipinagkatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Kung ganito sila magtrabaho, medyo dedikado sila, at maituturing ito na pagkakaroon ng kakayahang isakatuparan ang kanilang responsabilidad at gawin nang maayos ang trabaho nila. Sa ibang aspekto gaya ng kanilang personal na buhay, at kung paano sila umasal at humarap sa mga bagay-bagay, medyo nagkukulang sila; halimbawa, hindi nila alam kung paano makisalamuha at makipag-usap sa iba, o kung paano magbahagi sa iba tungkol sa kanilang kalagayan, at minsan ay bugnutin pa sila. Maituturing ba ito na problema? Ayos lang ba na hindi sila gamitin dahil sa mga isyung ito? (Hindi.) May ilang tao na hindi maalaga sa personal na kalinisan; hindi bababa sa sampung araw na hindi nila hinuhugasan ang kanilang buhok at kadalasang masama ang amoy nila. Ang iba naman ay maingay kapag kumakain at umiinom habang nagpapahinga ang mga nasa paligid nila, at maingay rin sa iba pang oras, tulad ng kapag naglalakad, nagsasara ng pinto, at nagsasalita—wala silang pinag-aralan at walang mabuting ugali. Paano dapat tratuhin ang gayong mga tao? Dapat maging maunawain ang lahat, tumulong, at sumuporta sa kanila nang may pusong mapagmahal, makipagbahaginan sa kanila tungkol sa kung ano ang normal na pagkatao, at hayaan silang unti-unting magbago. Dahil magkakasama kayong lahat, kailangan ninyong matutong makibagay. Puwedeng gamitin ang gayong mga tao basta’t nagagawa nila nang maayos ang kanilang trabaho, at pinapasan ang trabaho, at hindi sila gumagawa ng anumang bagay na nakakagambala o nakakagulo. May ilang tao na mautak, may mahusay na kakayahan, at masipag gumawa, at kaya nilang tuparin ang kanilang mga responsabilidad at maging mahusay sa mga trabahong itinalaga sa kanila, kaya maaari silang linangin at gamitin. Pero may ilang tao na sobrang mahina ang kakayahan na hindi nila kayang gawin nang maayos ang kahit isang trabaho; kaya lang nilang magpakain ng mga manok, pero kung papakainin din nila ang mga pato at

gansa, mabibigatan na sila at hindi nila alam kung paano ito gagawin. Hindi naman sa ayaw nila itong gawin nang maayos, kundi napakahina ng kakayahan nila. May limitasyon ang utak nila, marunong lang silang gumawa ng iisang gampanin, at kapag binibigyan sila ng isa pa, hindi na nila ito kayang gawin. Hindi sila marunong magplano, kaya pumapalpak lang sila. Ang gayong mga tao ay angkop lang na gumawa ng isang trabaho sa isang pagkakataon. Huwag silang bigyan ng maraming trabaho, dahil hindi nila ito makakayang pasanin. Huwag mong isipin na kung kaya nilang gawin nang maayos ang isang gawain, tiyak na kaya rin nilang gumawa ng dalawa o tatlong gawain; hindi laging ganito ang sitwasyon, at nakadepende ito sa kakayahan nila. Hayaan mo muna silang subukang gumawa ng dalawang gawain. Kung mahusay ang kakayahan nila at kaya nilang pasanin ito, maaari kang magsaayos para sa kanila sa ganitong paraan. Kung hindi nila kayang pagsabayin ang dalawang gawain nang maayos, at pumalpak sila, ibig sabihin ay lampas ito sa kakayahan nila, kaya dapat mong alisin kaagad ang pangalawang gawain nila. Ito ay dahil sa pamamagitan ng pag-oobserba at panahon ng probasyon, natuklasan mo na angkop lang sila na gumawa ng isang trabaho sa isang pagkakataon, sa halip na gumawa ng maraming komplikadong trabaho, at na wala silang kakayahan para dito. May ilang tao na medyo mautak at medyo mahusay ang kakayahan, at kung bibigyan mo sila ng ilang trabahong gagawin, kaya nilang gawin ito nang maayos. Halimbawa, kung paglulutuin mo sila ng mga pagkain, at uutusang pakainin ang mga sisiw, at mangalaga sa taniman ng gulay, kaya nilang ihanda ang mga pagkain araw-araw sa tamang oras habang inaalagaan ang taniman ng gulay sa kanilang mga libreng oras, maagap na dinidiligan at inaalisan ng damo ang taniman, at pinapakain ang mga sisiw sa tamang oras. Maaaring sabihin ng ilang tao, “Dahil may ganito silang kakayahan, hayaan mo rin silang mangasiwa sa gawain ng iglesia at maging lider ng iglesia.” Ayos lang ba iyon? Bagama’t kaya nilang pasanin ang ilang pisikal na gampanin at pang-araw-araw na gawain, pagdating sa pagiging lider ng iglesia, nangangailangan iyon ng hiwalay na pagtatasa; hindi ito isang bagay na masusukat batay sa paggawa nila nitong mga simple at panlabas na gawain. Iyon ay dahil ang pagiging lider ng iglesia ay hindi isang pisikal na gawain; kailangan itong sukatin gamit ang mga prinsipyo ng pamumuno. Gayumpaman, kung nagtataglay ang taong ito ng kakayahan at talento na maging isang lider ng iglesia, at medyo mabuti ang pagkatao niya, hindi magiging marapat na italaga mo siya na gumawa ng mga panlabas na gawain; tinatawag iyon na hindi naaangkop na paggamit sa mga tao. Hindi hihigit sa isa pang part-time na gawain na may kinalaman sa pang-araw-araw na buhay ang maaaring gawin ng mga lider, at puwedeng pagtuunan nila ito ng pansin nang kaunti pa sa tuwing hindi sila abala—hindi sila mapapagod nito. Pagdating sa maliliit at mga nakagawiang bagay, at sa mga pisikal na gampaning ito, puwedeng gawin ng mga tao kung ilan ang kaya nilang gawin. Mayroon bang sinuman na makakapasan sa lahat ng iyon? Mayroon bang sinuman na may ganoong kakayahan? (Wala.) Maaaring sapat ang kanilang kakayahan at kakayanan, pero may isang bagay na hindi magiging sapat, at

iyon ang enerhiya nila. Ang mga tao ay mortal, may hangganan ang enerhiya nila, at limitado rin ang dami ng trabahong kaya nilang isagawa. Ang mga taong may mataas na enerhiya ay maaaring kayang gumawa hanggang 12 oras sa isang araw, samantalang ang mga taong may katamtamang enerhiya ay kadalasang nagtatrabaho nang walong oras, at ang mga taong may mababang enerhiya ay kaya lamang magtrabaho nang apat o limang oras. Samakatwid, ginagamit mo man ang isang tao para gumawa ng mga pisikal na gawain, gawain ng pamumuno sa iglesia, o gawain na nangangailangan ng mga propesyonal na kasanayan, kailangan mong isaalang-alang kung ano ang gawaing pinakanababagay para sa kanya, at pagkatapos italaga sa kanya ang pinakaangkop na gawain, kung hindi niya ito kayang gawin, magtalaga ka sa kanya ng ibang gawain. Kung hindi ka magtatalaga sa kanya ng gawaing ayon sa pinakanababagay niyang gawin, isa itong pagkakamali sa paraan ng paggamit mo ng mga tao. Para sa mga taong hindi puwedeng i-prayoridad sa pag-aangat, paglilinang, at paggamit, kahit na ipagawa sa kanila ang mga pisikal na gawain, kailangang italaga sa kanila ang mga gawaing ito batay sa kanilang kakayahan at mga abilidad. Kung kaya pa rin nilang gumawa ng iba pang mga trabaho kasabay ng mahusay na paggawa sa isang trabahong itinalaga sa kanila, maaaring ipagawa sa kanila ang ilang iba pang pisikal na gawain nang part-time, basta't hindi nito naaapektuhan ang kanilang pangunahing trabaho. May ilang tao na malakas ang katawan at kayang gumawa ng tatlong gawain nang sunod-sunod; pagkatapos ng isang gawain, mayroon pa rin silang enerhiyang natitira, at libre sila sa halos lahat ng oras. Pero bulag ang mga huwad na lider at hindi sila marunong magtalaga ng gawain, at hindi nila napagtanto na problema ito, kaya, isang gawain lang ang itinatalaga nila sa mga taong iyon, na isang pagkakamali.

Kakatalakay Ko pa lang ngayon ang tungkol sa mga taong kulang sa katalinuhan, na walang mga espesyal na kasanayan at may kakayahan lamang na gumugol ng pisikal na lakas. Mayroon ding mga tao na may kaunting karamdaman at hindi nila kaya kahit ang gumugol ng pisikal na lakas, at sumasakit ang ulo nila, ang tiyan, o ang likod sa tuwing gumagawa sila ng anumang bagay na kahit katiting na pisikal. Ano ang dapat gawin tungkol sa pagtatalaga ng mga tungkulin sa ganitong mga uri ng tao, kung angkop sila sa paggawa ng isang tungkulin? Dapat tingnan ng isang tao ang iba't ibang aspekto, gaya ng kalagayan ng kalusugan nila at pati na ang pagkatao at kakayahan nila, para matiyak kung anong mga tungkulin ang naaangkop na gawin nila sa sambahayan ng Diyos. Kung sobrang mahina ang kalusugan nila na hindi nila kayang gumawa ng anumang gawain, at kailangan nilang magpahinga pagkatapos magtrabaho nang ilang sandali, at kailangan din nila ng isang taong mag-aasikaso sa kanila, kung hindi nila magawa nang maayos ang isang tungkulin nang mag-isa at isang tao ang kailangang maitalaga para mag-alaga sa kanila, hindi talaga sulit iyon. Ang gayong mga tao ay hindi naaangkop sa paggampan ng tungkulin, kaya hayaan mo silang umuwi at magpagaling. Anuman ang gawin mo, huwag kang gumamit ng sinumang may malubhang karamdaman na kahit ihip ng hangin ay malamang na matatangay na siya. Kung hindi masyadong

mahina ang kalusugan niya at sadyang dumaranas lang siya ng pananakit sa tiyan kung nakakakain siya nang hindi maganda, o sumasakit ang ulo niya kung ginagamit niya nang husto ang kanyang utak, kaya nakakapagtrabaho lang siya ng tatlo o apat na oras na mas mababa kaysa sa isang normal na tao, o nakakagawa lang ng kalahating trabaho ng isang normal na tao, ang gayong mga tao ay maaari pa ring gamitin hangga't natutugunan nila ang ibang mga pamantayan. Maliban na lang kung sila mismo ang magbabanggit nito at magsasabing, "Masyadong mahina ang kalusugan ko para tiisin ang paghihirap na ito. Gusto kong umuwi para magpagaling. Kapag gumaling na ako, babalik ako at gagawin ko ang tungkulin ko," kung gayon, sumang-ayon ka na roon kaagad at huwag mong subukang payuhan sila tungkol sa kanilang paraan ng pag-iisip; hindi ito magkakaroon ng anumang epekto kahit na gawin mo ito. May isang kasabihan na, "Ang isang bagay na ginawa nang may sama ng loob ay hindi magbubunga ng mga kasiya-siyang resulta"; iba-iba ang pananalig, kapasyahan, at paghahangad ng bawat isa. Maaaring sabihin ng ilang tao na: "Hindi kaya minsan ay masama lang ang pakiramdam nila at medyo mababa sa enerhiya? Maaaring sumama ang pakiramdam ng mga tao kung mali ang mga kinakain nila, pero pagkatapos ng ilang araw ay magiging maayos na sila; kailangan pa ba nilang umuwi at magpagaling? Hindi ba mawawala ang sakit ng ulo at pagkahilo nila pagkatapos ng mahimbing na tulog? Hindi ba sila makakapagtrabaho nang normal pagkatapos? Malaking bagay ba iyon?" Maaaring hindi ito malaking bagay para sa iyo, pero ang ilang tao ay naiiba sa ibang tao pagdating sa kung gaano nila pinahahalagahan ang kanilang laman, at ang ilang tao naman ay talaga ngang may mga problema sa kalusugan. Sa gayong mga pagkakataon, kung hinihiling nilang umuwi para magpahinga at magpagaling, dapat sumang-ayon kaagad ang iglesia, huwag gumawa ng kahilingan sa kanila, huwag silang pahirapan, at lalong huwag magtangkang payuhan sila tungkol sa kanilang paraan ng pag-iisip. May ilang huwad na lider na patuloy na nanghihimok sa gayong mga tao, sa pamamagitan ng pagsasabing: "Tingnan mo kung gaano kalawak ang naabot na ng gawain ng Diyos ngayon. Palaki nang palaki ang mga sakuna, lumitaw na ang apat na buwan na kulay dugo, at ngayon ay kumalat na ang pandemya na walang paraan para makaligtas ang mga walang pananampalataya! Nasa sambahayan ka ng Diyos, ginagawa ang iyong mga tungkulin at tinatamasa ang biyaya ng Diyos—hindi ka malalantad sa panganib at maaari ka ring magkamit ng katotohanan at buhay—napakalaking biyaya niyon! Walang kuwenta ang maliit mong problemang ito. Kailangan mo itong mapagtagumpayan at manalangin sa Diyos. Tiyak na pagagalingin ka ng Diyos. Basahin mo lang ang mga salita ng Diyos, matuto ka ng ilan pang himno, at likas na gagaling ang karamdaman mo kung hindi mo ito masyadong iisipin. Hindi ba't sinasabi ng mga salita ng Diyos, 'Ang manahan sa karamdaman ay ang magkasakit'? Nananahan ka sa sakit ngayon. Kung patuloy mong iisipin ang pagkakaroon ng sakit, magiging malubha ang sakit na ito. Kung hindi mo iisipin ang tungkol dito, mawawala ang karamdaman mo, hindi ba? Sa ganoong paraan, lalago ka sa pananalig at hindi mo gugustuhing umuwi para magpahinga. Ang

pag-uwi mo para magpahinga ay tinatawag na pag-iimbot sa mga kaginhawahan ng laman.” Huwag mong subukang payuhan sila tungkol sa kanilang paraan ng pag-iisip, isang kahangalan ang gawin iyon. Ni hindi nila kayang magtiyaga sa kaunting pansamantalang kawalan ng kaginhawahan at gusto nalang nilang umuwi para magpahinga, at hindi man lang nila kayang lampasan ang isang maliit na suliranin, na nagpapatunay na hindi nila taos-pusong ginagawa ang kanilang tungkulin. Sa totoo lang, ang ganitong uri ng mga tao ay walang intensiyon na gawin ang kanilang tungkulin sa mahabang panahon, hindi nila ito ginagawa nang may sinseridad, ayaw nilang magbayad ng halaga, at ngayon ay nakahanap na sila sa wakas ng isang pagkakataon at dahilan para tuluyang makatakas. Sa puso nila, nagagalak sila na napakatalino nila at na dumating sa tamang panahon ang karamdamang ito. Kaya, anuman ang gawin mo, huwag mo silang hikayating manatili. Kamumuhian nila ang sinumang magtatangkang hikayatin silang manatili, at susumpain nila ang sinumang magtatangkang payuhan sila tungkol sa kanilang paraan ng pag-iisip. Hindi mo ba nauunawaan ito? Siyempre, may ilang tao na talagang may sakit, at matagal nang may karamdaman, at natatakot sila na kung magpapatuloy pa sila, manganganib ang kanilang buhay. Ayaw nilang magdulot ng anumang problema sa sambahayan ng Diyos, o makaapekto sa paggampan ng tungkulin ng ibang tao. Pakiramdam nila, sa sandaling bumagsak ang kanilang kalusugan, kakailanganin nilang umasa sa mga kapatid para alagaan sila, at hindi sila komportableng magpaalaga sa sambahayan ng Diyos, kaya naman, matalino silang nagkukusang humingi ng pahintulot na magpahinga. Paano dapat harapin ang ganitong sitwasyon? Ganoon din, kaagad silang hayaang umuwi at magpahinga. Hindi takot sa gulo ang sambahayan ng Diyos, ayaw lang nitong ipilit ang mga bagay-bagay sa mga tao nang labag sa kalooban ng mga ito. Dagdag pa rito, lahat ng tao ay may ilang personal at tunay na suliranin. Lahat ng taong nabubuhay sa laman ay nagkakasakit, at ang mga karamdaman sa laman ay isang problemang umiiral sa realidad—iginagalang natin ang mga katunayan. May ilang tao na tunay na walang kakayahang gumawa sa kanilang mga tungkulin dahil sa malubhang karamdaman, at kung kailangan nila ang sambahayan ng Diyos para magbigay sa kanila ng mga kaginhawahan, o kung kailangan nila ang mga kapatid para magbigay ng mga panlunas o mag-alok ng ilang suhestiyon sa paggamot, magiging masaya ang sambahayan ng Diyos na ibigay ang mga bagay na ito. Kung ayaw nilang abalahin ang sambahayan ng Diyos at mayroon silang pera, paraan, at mapagkukunan para makapagpagamot ng karamdaman nila, ayos lang din iyon. Sa kabuuan, kung dahil sa kalusugan nila ay hindi nila magawang magpatuloy sa paggawa ng kanilang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos o magpatuloy na malinang ng sambahayan ng Diyos, maaari silang makatwirang humingi ng pahintulot, at agad itong sasang-ayunan ng sambahayan ng Diyos. Walang sinuman ang dapat magpayo sa kanila tungkol sa kanilang paraan ng pag-iisip, o magpataw ng mga kahilingan, dahil hindi iyon magiging marapat at wala iyong pagkamakatwiran. Ito ang mga pagsasaayos na ginagawa para sa ganitong uri ng mga tao.

Paano Tratuhin ang Ilang Natatanging Uri ng Tao

I. Paano Tratuhin ang mga Tao na Hindi Nag-aasikaso sa Gawain na Marapat Nilang Gawin

Ang ilang tao ay mayroong pasadong pagkatao, mayroon silang mga kalakasan at matalas na pag-iisip, nagsasalita sila nang normal, kadalasang napaka-optimistiko nila, at napaka-aktibo nila sa paggawa ng kanilang tungkulin, ngunit mayroon silang isang kapintasan, at iyon ay ang pagiging masyadong sentimental. Habang sumusunod sa Diyos at gumagawa ng kanilang tungkulin sa iglesia, palagi silang nangungulila sa kanilang pamilya at mga kamag-anak, o palagi silang nag-iisip tungkol sa pagkain ng masasarap doon sa kanilang bayan, at nasasaktan sila na hindi nila ito magawang kainin, na nakakaapekto sa paggampan nila ng kanilang tungkulin. May isa pang uri ng tao, na gustong mamuhay nang mag-isa sa isang lugar, sa sarili niyang pribadong espasyo. Kapag kasama niya ang mga kapatid, pakiramdam niya ay masyadong mabilis ang takbo ng gawain at na wala siyang pribadong espasyo na matitirhan. Palagi siyang napi-pressure, at palaging napipigilan at hindi komportableng namumuhay kasama ng mga kapatid. Palagi niyang gustong gawin ang anumang nais niya at maging malayang magpakasasa sa kanyang sarili. Ayaw niyang gawin ang kanyang tungkulin kasama ang lahat ng iba, at palagi niyang iniisip na makauwi. Palagi siyang hindi nasisiyahan sa paggawa ng kanyang tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Bagama't madaling pakitunguhan ang mga kapatid at walang nang-aapi sa kanya sa sambahayan ng Diyos, medyo nahihirapan siyang sumunod sa iskedyul ng gawain at pahinga—kapag gising na ang lahat sa umaga, gusto niyang patuloy na matulog, pero nahihiya siyang gawin iyon, at kapag nagpapahinga na ang iba sa gabi, ayaw niyang matulog at palagi niyang gustong gumawa ng isang bagay na kinaiinteresan niya. Minsan, may isang partikular na pagkain na talagang gusto niyang kainin, pero wala ito sa kantina, at masyado siyang nahihiyang humingi nito. Minsan naman, gusto niyang maglakad-lakad, pero walang ibang humihiling na gawin ito, kaya't hindi siya naglalakas-loob na magpakasasa sa kanyang sarili. Palagi siyang maingat at mapagbantay, at takot na mapagtawanan, maliitin, o matawag na isip-bata. Kapag hindi niya ginagawa nang maayos ang kanyang tungkulin, minsan ay napupungusan siya. Araw-araw siyang nababalisa, na parang sumusuong siya sa panganib, at hindi talaga siya masaya. Iniisip niya, "Naaalala ko noong nasa bahay ako, ako ang munting sanggol ng pamilya, malaya at hindi napipigilan, na parang isang munting anghel. Napakasaya ko noon! Ginagawa ko ang tungkulin ko sa sambahayan ng Diyos ngayon, bakit naglaho ang dating ako? Hindi ko na nagagawa ang anumang gusto ko, tulad ng ginagawa ko noon," at kaya, ayaw niyang mamuhay sa ganitong klase ng buhay. Pero hindi siya nangangahas na banggitin ito sa lider niya, at palagi niyang ibinabahagi ang mga kaisipang ito sa mga taong nasa paligid niya, palagi siyang nangungulila sa tahanan niya, at palihim na umiiyak sa gabi. Ano ang dapat gawin sa ganitong uri ng mga tao? Ang sinumang may kamalayan sa usaping ito ay dapat

mag-ulat tungkol dito kaagad, dapat tiyakin kaagad ng lider kung totoo ang ulat o hindi, at kung totoo ito, maaaring payagang umuwi ang taong iyon. Tinatamasa niya ang pagkain, inumin at mabuting pakikitungo ng sambahayan ng Diyos pero ayaw pa rin niyang gawin ang kanyang tungkulin at palaging masama ang lagay ng loob niya, pakiramdam niya ay naaagrabyado siya at hindi masaya, kaya pauwiin mo na siya sa lalong madaling panahon. Hindi pansamantala ang ganitong lagay ng loob ng ganitong mga uri ng mga tao, at hindi nila malulutas ang mga ito sa pamamagitan ng pagninilay-nilay sa mga bagay-bagay—hindi ganoon ang sitwasyon nila. Ang personal na kagustuhan ng ilang tao ay ang gawin nang matatag ang kanilang tungkulin, at bagama't nangungulila sila sa tahanan nila, alam nila kung anong uri ng problema ito, at nagagawa nilang hanapin ang katotohanan at lutasin ito. Sa sitwasyon ng mga taong ito, hindi sila kinakailangang pauwiin o mag-alala tungkol sa kanila. Ang sitwasyong pinag-uusapan natin ay kapag ang mga taong nasa edad na 30 ay kumikilos pa rin na parang mga bata, na hindi kailanman nagma-mature at palaging pabago-bago. Ginagawa lang nila ang anumang ipinapagawa sa kanila, at kapag wala silang magawa, iniisip nila na magsaya at makipag-usap tungkol sa mga paksang walang katuturan, at hindi nila kailanman gustong asikasuhin ang gawain na marapat nilang gawin. Nagsasalita ang mga walang pananampalataya tungkol sa pagiging matatag sa edad na 30. Ang pagiging matatag ay nangangahulugan ng pag-aasikaso sa gawain na marapat gawin ng isang tao, pagkakaroon ng kakayahang pumasan ng trabaho at tustusan ang sarili, pagiging marunong mag-asikaso sa gawain na marapat gawin, paggugol ng mas kaunting oras sa pagsasaya, at hindi pagpapaliban sa gawain na marapat gawin ng isang tao. Ano ang ibig sabihin ng "kumikilos na parang bata"? Ibig sabihin nito ay kawalan ng kakayahang pumasan ng anumang gawain na marapat gawin, palaging gustong hayaan lang na maglakbay ang isipan nila, at palaging gustong maglakad-lakad, gumala, makipagkulitan, magmeryenda, manood ng mga drama, makipagkuwentuhan tungkol sa mga bagay na walang kabuluhan, maglaro, at mag-browse sa internet ng mga kakaiba at kakatwang kuwento. Ibig sabihin nito ay hindi sila kailanman nahihikayat na dumalo sa mga pagtitipon, palaging gustong matulog sa tuwing dinaraos ang mga pagtitipon, gustong matulog sa sandaling nakakaramdam sila ng antok, at gustong kumain sa sandaling nakakaramdam sila ng gutom, pagiging sutil at hindi gustong mag-asikaso sa gawain na marapat nilang gawin. Hindi masasabing may masamang pagkatao ang mga taong ganito, sadyang hindi sila kailanman nagma-mature at nananatili silang parang bata. Ganito sila sa edad na 30, at ganito pa rin sila sa edad na 40; hindi nila kayang magbago. Kung hihilingin nila na umalis at ayaw na nilang gawin ang kanilang tungkulin, paano ito dapat harapin? Hindi sila hinihimok ng sambahayan ng Diyos na manatili. Dapat mo silang kausapin kaagad—hayaan mo silang umalis kaagad at umuwi sa mga walang pananampalataya, at sabihin mo sa kanila na huwag na huwag nilang sasabihin na nananampalataya sila sa Diyos. Makakamit ba ng mga taong hindi nag-aasikaso sa gawain na marapat nilang gawin ang katotohanan? Kung

umaasa kang lalago sila sa kanilang pagkatao at aasikasuhin nila ang gawain na marapat nilang gawin sa pamamagitan ng paggawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos, na magkakaroon sila ng kakayahang pumasan ng isang mahalagang aytem ng gawain, at pagkatapos ay makakaunawa at makapagsasagawa ng katotohanan, at makapagsasabuhay ng wangis ng tao, talagang hindi ka dapat umasa rito. Makakahanap ka ng mga taong gaya nito sa anumang grupo. May palayaw ang mga walang pananampalataya para sa ganitong uri ng mga tao: “matatandang bata.” Ang gayong mga tao ay maaaring umabot sa edad na 60 nang hindi kailanman nakapag-asikaso sa gawain na marapat nilang gawin. Hindi wasto ang kanilang paraan ng pagsasalita at pangangasiwa sa mga bagay-bagay, palagi silang tumatawa, nagbibiro, at lumilibot-libot sa paligid, wala silang anumang ginagawa nang seryoso, at talagang nakatuon lang sila sa pagsasaya. Hindi magagamit ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao.

Sa tingin ba ninyo ay masama ang “matatandang bata” na ito? Masasamang tao ba sila? (Hindi.) Ang ilan sa kanila ay hindi masasamang tao, napakasimple lang nila, at hindi naman sila masama. Ang ilan sa kanila ay napakabait at handang tumulong sa iba. Pero lahat sila ay may iisang kapintasan—sila ay mga sutil, mahilig magpakasaya, at hindi nila inaasikaso ang gawain na marapat nilang gawin. Halimbawa, sabihin nating may isang babae na pagkatapos magpakasal, hindi siya nag-aaral gumawa ng anumang gawaing-bahay. Nagluluto lang siya kapag masaya siya, pero hindi siya nagluluto kapag hindi siya masaya—palagi siyang kailangan pang suyuin. Kapag may gustong ipagawa sa kanya ang isang tao, kailangan nitong makipagkasunduan sa kanya, at kailangan siyang bantayan. Mahilig siyang magbihis nang maayos para makapamasyal, bumili ng mga damit at kolorete, at magpa-beauty treatment. Pag-uwi niya, wala siyang ginagawa kahit isang gawaing-bahay, at gusto lang niyang maglaro ng baraha at mahjong. Kung tatanungin mo siya kung magkano ang kilo ng repolyo, hindi niya alam; kung tatanungin mo siya kung ano ang kakainin niya bukas, hindi rin niya alam iyon; at kung magpapaluto ka sa kanya, papalpak lang siya rito. Kaya, sa anong bagay ba siya pinakamahusay? Pinakamahusay siya sa mga bagay tulad ng pag-alam kung aling restawran ang naghahain ng pinakamasarap na pagkain, kung aling tindahan ang may mga pinaka-usong damit, at kung aling tindahan ang nagtitinda ng mga mura at epektibong kolorete, pero wala siyang nauunawaan o natututunang ibang bagay gaya ng kung paano palilipasin ang mga araw niya, o ng mga kasanayan na kinakailangan sa normal na buhay ng tao. Hindi niya ba natututunan ang mga bagay na ito dahil wala siyang sapat na kakayahan? Hindi, hindi iyon ang dahilan. Batay sa mga bagay na kung saan siya mahusay, mayroon siyang kakayahan, pero hindi lang niya inaasikaso ang gawain na marapat niyang gawin. Hangga’t may pera siyang magagastos, lalabas siya para kumain sa mga restawran at bibili ng mga kolorete at damit. Kung kinapos ng mga kaldero at kawali sa bahay at inutusan siyang bumili ng ilan, sasabihin niya, “May masasarap na pagkain na ibinebenta sa labas, bakit ko pa kailangang bilhin ang lahat ng iyan?” Kung

nasira ang vacuum cleaner sa bahay, at sinabihan siyang bawasan ng isa ang bibilhin niyang damit para makatipid ng pera para makabili ng bagong vacuum cleaner, sasabihin niya, “Kapag kumikita na ako ng pera sa hinaharap, kukuha na lang ako ng kasambahay para maglinis ng bahay, para hindi na kailangang bumili ng vacuum cleaner.” Kadalasan, kung hindi siya naglalaro o nagma-mahjong, bumibili siya ng mga bagong usong damit, at hindi siya kailanman naglilinis ng bahay. Hindi ito pag-aasikaso ng gawain na marapat gawin, hindi ba? Mayroon ding ilang lalaki na, sa sandaling kumita sila ng kaunting pera, bumibili ng sasakyan o nagsusugal gamit ang perang ito. Kapag may nasira sa bahay, hindi nila iyon inaayos. Hindi nila pinapalipas ang kanilang mga araw sa tamang paraan. Sa bahay nila, hindi gumagana ang kanilang refrigerator, at gayundin ang washing machine nila, barado ang mga tubo, at tumutulo ang bubong kapag umuulan, at hindi nila inaayos ang mga ito sa loob ng mahabang panahon. Ano ang tingin ninyo sa gayong mga lalaki? Hindi nila inaasikaso ang gawain na marapat nilang gawin. Lalaki o babae man sila, hindi magagamit ng sambahayan ng Diyos ang mga uri ng tao na sobrang sutil at hindi nag-aasikaso sa gawain na marapat nilang gawin.

May ilang tao na hindi nag-aasikaso sa gawain na marapat nilang gawin bilang mga magulang, at hindi rin nila naaalagaan nang maayos ang kanilang mga anak. Dahil dito, nababanlian ng kumukulong tubig o nagkakaroon ng pasa at galos ang kanilang mga anak; ang ilang bata ay nababasag ang ilong, ang iba ay napapaso ang puwitan sa kalan, at ang iba naman ay nasusunog ang lalamunan matapos makainom ng kumukulong tubig. Ang ganitong mga uri ng tao ay hindi maasikaso sa anumang ginagawa nila, at wala silang kakayahang gumawa ng anumang bagay nang maayos. Hindi nila inaasikaso ang gawain na marapat nilang gawin, nagloloko sila, sutil sila at mahilig sa kasiyahan, at hindi nila kayang pumasan ng mga responsabilidad na dapat pasanin ng isang tao. Bilang mga magulang, hindi nila kayang tuparin ang kanilang mga responsabilidad at hindi sila maasikaso. Kaya, kaya bang pasanin ng gayong mga tao ang mga responsabilidad na dapat pasanin ng mga normal na tao kapag gumagawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos? Hindi, talagang hindi. Hindi magagamit ang mga taong hindi nag-aasikaso sa gawain na marapat nilang gawin. Kung sasabihin nilang ayaw na nilang gawin ang kanilang tungkulin at hihilingin nilang umuwi, hayaan na lang silang umalis kaagad. Walang sinuman ang dapat pumilit o maghikayat sa kanila na manatili, dahil isa itong problemang may kinalaman sa kanilang kalikasan, hindi ito isang paminsan-minsan at pansamantalang pagpapamalas lamang. Puno ng maling akala ang mga taong ito noong dumating sila sa sambahayan ng Diyos para gawin ang kanilang tungkulin; inakala nila na ang paggampan ng tungkulin at pagsunod sa Diyos ay parang pagpunta sa Hardin ng Eden, na parang nasa mabuting lupain ng Canaan. Kamangha-mangha ang buhay na naisip nila, na may kasamang magagandang bagay na makakain at maiinom buong araw, may kalayaan at walang pagpigil, at walang anumang gawaing kailangang gawin. Gusto nilang mamuhay ng walang alalahaning buhay ng pagliliwaliw, pero ganap na naiiba sa inaasahan nila ang kinalabasan. Sapat

na ang naranasan ng mga taong ito, at pakiramdam nila ay nakakabagot at walang kabuhay-buhay rito, at gusto na nilang umalis, kaya hayaan mo na silang umalis kaagad—hindi hinihikayat ng sambahayan ng Diyos ang mga taong ito na manatili. Hindi pinipilit ng sambahayan ng Diyos ang mga tao, at hindi rin ninyo ito dapat gawin; ito ay pagsasagawa sa katotohanan at pagkilos ayon sa mga prinsipyo. Dapat ninyong gawin ang mga bagay-bagay na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, dapat kayong maging isang tao na nakakaunawa sa mga layunin ng Diyos, isang marunong na tao—huwag maging isang taong magulo ang isip, o isang walang-pinipiling mapagpalugod ng tao. Sa ganitong paraan mo pangasiwaan ang mga uri ng taong hindi nag-aasikaso sa gawain na marapat nilang gawin—maituturing ba ito na kawalan ng pagmamahal o hindi pagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na magsisi? (Hindi.) Patas ang Diyos sa lahat, at may karapatan ang sambahayan ng Diyos na iangat, linangin, at gamitin ka. Kung ayaw mong gawin ang iyong tungkulin, at hihilingin mo na umalis sa iglesia, iyon ay malaya mong kapasyahan, kaya dapat sang-ayunan ng iglesia ang kahilingan mo, tiyak na hindi ka nito pipilitin. Ito ay alinsunod sa moralidad, sa pagkatao, at siyempre, lalo pang alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ay isang napaka-akmang paraan ng pagkilos! Kung may sinuman na gumagawa ng kanyang tungkulin sa loob ng ilang panahon, at napapagod at nahihirapan siya sa tungkuling ito, at hindi na siya masayang gawin ito, at dahil dito ay gusto na niyang bitiwan ang kanyang tungkulin at tumigil sa pananampalataya sa Diyos, bibigyan kita ng isang tiyak na tugon ngayon, at ito ay na sasang-ayunan ito ng sambahayan ng Diyos, at hindi ka nito kailanman pipilitin na manatili, o gagawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa iyo. Walang mahirap na kalagayan dito, at hindi mo kailangang maramdaman na parang nag-aalangan ka, o napapahiya. Lalong hindi ito isang isyu para sa sambahayan ng Diyos, at wala ring mga hinihingi sa iyo ang sambahayan ng Diyos. Higit pa rito, kung gusto mong umalis, hindi ka kokondenahin o hahadlangan ng sambahayan ng Diyos, dahil ito ang landas na pinili mo, at maaari lamang tugunan ng sambahayan ng Diyos ang mga hinihingi mo. Ito ba ay wastong paraan ng pagkilos? (Oo.)

Kakalista Ko lang ng ilang sitwasyon kung saan hindi inaasikaso ng mga tao ang gawain na marapat nilang gawin. Hindi pipilitin ng sambahayan ng Diyos ang mga taong ito; kung ayaw nilang gawin ang tungkulin nila o mayroon silang ilang personal na paghihirap at hinihiling nila na hindi na gumawa ng tungkulin, sasang-ayon ang sambahayan ng Diyos. Hindi na sila gagamitin nito, at hindi na sila nito hahayaang gumawa ng tungkulin. Ganito pinangangasiwaan ang gayong mga tao, at ito ay isang ganap na wastong paraan ng pagkilos.

II. Paano Tratuhin ang mga Hudas

May ilang tao na lubhang mahina ang loob, at sa tuwing nababalitaan nila na naaresto ang isang kapatid, labis silang natatakot na sila mismo ay maaaresto rin. Malinaw na kung maaaresto nga sila, may panganib na ipagkakanulo nila ang iglesia.

Paano dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? Angkop ba ang mga taong ito na gumawa ng ilang mahalagang tungkulin? (Hindi, hindi sila angkop.) Maaaring sabihin ng ilang tao, “Sino ang makakagarantiya na sila mismo ay hindi magiging Hudas?” Walang makakagarantiya na hindi sila magiging Hudas kung sila ay pahihirapan. Kaya, bakit hindi gumagamit ang sambahayan ng Diyos ng mga duwag na tao na maaaring maging Hudas? Dahil ang mga taong halatang duwag ay maaaring maaresto at makibahagi sa pagkakanulo anumang oras; kung gagamitin ang gayong mga tao para gumawa ng mahalagang tungkulin, napakalaki ng tendensiya na magkakaroon ng problema. Ito ay isang prinsipyo na kailangang maunawaan kapag pumipili at gumagamit ng mga tao sa mapanganib na kapaligiran sa mainland ng Tsina. May espesyal na sitwasyon dito, na kung saan ay isinailalim ang ilang tao sa matindi at matagal na pagpapahirap, na naglagay sa buhay nila sa panganib, at sa huli, hindi na talaga nila ito kayang tiisin, kaya’t naging mga Hudas sila dahil sa kahinaan at nagkanulo sila sa ilang hindi gaanong mahalagang bagay. Walang nakakakilatis sa gayong mga tao, at maaari pa ring gamitin ang mga taong ito. Ngunit may mga tao rin na nakapaghanda na ng daan palabas para sa kanilang sarili bago pa sila maaresto. Matagal at masusi nilang pinag-isipan kung paano matitiyak ang kanilang agarang paglaya pagkatapos maaresto, nang hindi na kailangan pang sumailalim sa anumang pagpapahirap—una, pag-iwas sa pagpapahirap; pangalawa, pag-iwas na masentensiyahan; at pangatlo, pag-iwas sa pagkakakulong. Ganito sila mag-isip. Wala silang kapasyahan na mas gugustuhin nilang magdusa o makulong kaysa maging isang Hudas. Baka makibahagi sila sa pagkakanulo kahit pa hindi sila pahirapan, kaya masasabi ba na mga Hudas na sila bago pa man sila maaresto at makulong? (Oo.) Ito ang mga tunay na Hudas. Nangangahas ba ang iglesia na gamitin ang ganitong klase ng mga tao? (Hindi.) Kung matutukoy sila, tiyak na hindi sila dapat linangin at gamitin. Paano karaniwang ipinapamalas ng mga taong ito ang sarili nila? Lubhang mahina ang loob nila. Sa sandaling magkaroon ng problema, iniiwasan nila ang kanilang mga responsabilidad sa pinakamaagang pagkakataon, at sa tuwing nakakaranas sila ng pinakakatiting na panganib, tinatalikuran nila ang kanilang tungkulin at umaalis. Sa tuwing nababalitaan nila na naging mapanganib na ang kapaligiran, naghahanap sila ng ligtas na lugar na mapagtataguan; walang makakahanap sa kanila at hindi sila nakikipag-ugnayan sa kahit kanino. Ang pagtatago ay isang gawaing napakahusay nilang nagagawa. Wala silang pakialam sa kahit anong paghihirap na nararanasan ng gawain ng iglesia, at kaya nilang isantabi ang anumang uri ng kritikal na gawain; itinuturing nilang mas mahalaga ang kanilang seguridad kaysa sa anumang ibang bagay. Higit pa rito, sa harap ng panganib, hihimukin nila ang ibang tao na sumuong sa panganib at makipagsapalaran sa tuwing may nangyayari, habang sila naman ay pinoprotektahan ang kanilang sarili. Sa kahit gaano man kalaking panganib nila inilalagay ang ibang tao, sa tingin nila ay karapat-dapat at tama lang na gawin ito alang-alang sa sarili nilang seguridad. Gayundin, kapag nahaharap sa panganib, hindi sila nagmamadaling lumapit sa Diyos para magdasal, o nagmamadaling magsaayos sa

paglilipat sa mga kapatid o sa ari-arian ng iglesia na maaaring nanganganib. Sa halip, iniisip muna nila nang mabuti kung paano makakatakas, kung paano magtatago, at kung paano sila makakawala sa panganib. Nagawa na nga nila ang kanilang plano ng pagtakas—kung sino ang unang ipagkakanulo kung maaaresto nga sila, kung paano makakaiwas sa pagpapahirap, kung paano makakaiwas sa sentensiya sa kulungan, at kung paano makakaiwas sa kapighatian. Sa tuwing nahaharap sila sa isang uri ng kapighatian, para silang mamamatay sa takot at wala silang ni katiting na pananalig. Hindi ba't mapanganib ang ganitong uri ng mga tao? Kung ipinapagawa sa kanila ang isang mapanganib na gawain, walang tigil silang nagrereklamo tungkol dito, natatakot sila at palagi nilang iniisip na tumakas, at ayaw gawin ito. Ang ganitong uri ng mga tao ay nagpapakita na ng mga palatandaan ng pagiging Hudas bago pa man sila maaresto. Sa sandaling maaresto nga sila, isang daang porsiyento ang katiyakan na ipagkakanulo nila ang iglesia. Sa paggawa ng kanilang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, talagang aktibo sila sa lahat ng bagay na maglalagay sa kanila sa sentro ng atensiyon nang hindi sila inilalantad sa panganib; ngunit pagdating sa pagharap sa mga panganib, umaatras sila, at kung may ipapagawa ka sa kanila na isang bagay na delikado, hindi nila iyon gagawin, ayaw lang nilang tumanggap ng responsabilidad. Sa sandaling mabalitaan nila na may panganib sa isang lugar, halimbawa, na nagsasagawa ng mga pang-aaresto ang malaking pulang dragon, o na nahuli ang ilang mananampalataya, humihinto sila sa pagdalo sa mga pagtitipon, tumitigil sila sa pakikipag-ugnayan sa mga kapatid, at walang makakahanap sa kanila. Muli silang nagpapakita kapag humupa na ang mga tsismis at maayos na ang lahat. Maaasahan ba ang ganitong uri ng mga tao? Kaya ba nilang gumawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Bakit hindi? Ni wala nga silang kapasyahan o kagustuhan na hindi maging mga Hudas; sila ay mga duwag, bahag ang buntot, at walang kuwenta. May isang halatang katangian ang ganitong uri ng mga tao, na anuman ang mga kalakasan at abilidad na taglay nila, kung gagamitin sila ng sambahayan ng Diyos, hindi nila kailanman ilalaan ang sarili nila nang buong-puso sa pagtatanggol sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba nila ipinagtatanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos dahil wala silang kakayahang gawin iyon? Hindi, hindi ito ang kaso; kahit pa mayroon silang ganitong abilidad, hindi nila ipagtatanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Sila ay tipikal na mga Hudas. Sa tuwing kailangan nilang makitungo sa mga walang pananampalataya sa panahong ginagawa nila ang kanilang tungkulin, pinananatili nila ang magandang relasyon sa mga ito at tinitiyak nilang patuloy silang hinahangaan, iginagalang, at pinahahalagahan ng mga walang pananampalataya. Kung gayon, ano ang kabayaran para matamo nila ang lahat ng ito? Iyon ay ang pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos kapalit ng kanilang personal na kaluwalhatian at mga interes. Ang ganitong uri ng tao ay talagang duwag kahit bago pa man maaresto, at pagkatapos maaresto, isang daang porsiyentong sigurado na siya ay makikibahagi sa pagkakanulo. Tiyak na hindi puwedeng gamitin ng sambahayan ng Diyos ang mga

taong gaya nito—ang mga Hudas na ito—at kailangan silang itiwalag ng sambahayan ng Diyos sa lalong madaling panahon.

Tungkol naman sa uri ng mga tao na mga Hudas, bagama't sa panlabas ay hindi sila mukhang masasama, sila ay talagang mga taong may lubhang mababang integridad at maladiyablong katangian. Gaano man sila makinig sa mga sermon o magbasa ng mga salita ng Diyos, sadyang hindi nila maunawaan ang katotohanan, at hindi rin nila nararamdaman na ang pamiminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos ay ang pinakanakakahiya, buktot, at mapaminsalang bagay. Handa silang magpresenta pagdating sa mga bagay na mapapansin sila, pero pagdating sa mga bagay na delikado, o mahirap harapin, hinahayaan nila ang iba na akuin o harapin ang mga ito. Anong klaseng mga tao sila? Hindi ba't sila ay mga taong lubhang mababa ang integridad? Ang ilang tao ay bumibili ng mga gamit para sa sambahayan ng Diyos, at sa paggawa nito, dapat nilang isaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at maging patas at makatwiran sila. Gayumpaman, ang uri ng mga tao na mga Hudas ay hindi lang nabibigong ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, bagkus, tinutulungan nila ang mga walang pananampalataya kapalit ang kapakanan ng sambahayan ng Diyos, at tinutugunan ang mga hinihingi ng mga walang pananampalataya sa bawat pagkakataon, at mas gugustuhin nilang mapinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos kung matutulungan sila nitong magpalakas sa mga walang pananampalataya. Ito ay tinatawag na pagkagat sa kamay na nagpapakain sa iyo, at ito ay kawalan ng kabutihan! Hindi ba't ito ay pagkakaroon ng kasuklam-suklam na pagkatao? Hindi ito mas mainam kaysa sa pagkakanulo ni Hudas sa Panginoon at sa mga kaibigan niya. Anuman ang ipinagkakatiwala ng sambahayan ng Diyos na gawin nila, hindi nila isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kapag may ipinapabili sa kanila na isang bagay, hindi sila kailanman naglilibot at nagkukumpara ng mga presyo, kalidad at serbisyo pagkatapos ng benta ng maraming taga-suplay at pagkatapos ay hindi maingat na tinitimbang ang mga mapagpipilian at isinasagawa ang mga tamang pagbeberipika, para makaiwas sa pandaraya, makatipid sa pera ang sambahayan ng Diyos, at maprotektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos sa pagkakapinsala—hindi nila kailanman ginagawa iyon. Kung iminumungkahi ng isang kapatid na pinakamainam na maglibot-libot muna, sasabihin nila, "Hindi na kailangang maglibot-libot; sabi ng taga-suplay na pinakamaganda ang mga tinda nila." Kapag tinanong sila ng kapatid, "Kung gayon, puwede ka bang tumawad sa presyo sa kanila?" sasagot sila, "Bakit pa kailangang tumawad? Sinabi na nila sa akin kung ano ang presyo, at kung makikipagtawaran pa ako sa kanila, tiyak na nakakahiya iyon, at magmumukha tayong walang pera. Mayaman naman ang sambahayan ng Diyos, hindi ba?" Anuman ang presyo ng isang bagay o ang kalidad nito, basta't sa tingin nila ay angkop ito, ipapabili nila agad ito, at pupunahin, pagagalitan at kokondenahin pa nga ang sinumang magpapaantala sa pagbili. Walang nangangahas na magsabi ng "hindi" sa harap nila, at walang nangangahas na magbigay ng anumang mga opinyon. Gumagawa man sila

ng isang malaking gawain o may kaunting aasikasuhin para sa sambahayan ng Diyos, ano ang mga prinsipyo nila? “Kailangan lang na magbayad ng pera ang sambahayan ng diyos, at kung napipinsala man o hindi ang mga interes ng sambahayan ng diyos, wala itong kinalaman sa akin. Ganito lang talaga ako magtrabaho; kailangan kong bumuo ng magandang ugnayan sa mga walang pananampalataya. Anuman ang sabihin ng mga walang pananampalataya ay tama, at susunod ako rito. Hindi ko pangangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng diyos. Kung gusto mo akong gamitin, gawin mo; kung ayaw mo akong gamitin, eh ‘di huwag—ikaw ang bahala. Ganito lang talaga ako!” Hindi ba’t maladiyablong kalikasan ito? Ang gayong mga tao ay mga walang pananampalataya at hindi mananampalataya. Magagamit ba sila para mangasiwa ng mga usapin para sa sambahayan ng Diyos? Ang ganitong tao ay may kaunting pinag-aralan, mga kalakasan, at ilang panlabas na abilidad, at magaling makipag-usap, at kayang mangasiwa ng ilang gawain. Pero kahit anong mga usapin ang pinangangasiwaan nila para sa sambahayan ng Diyos, di-maiiwasang gawin nila ito nang walang pakundangan at ayon lang sa gusto nila, na nagdudulot ng pinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Patuloy rin nilang nililinlang ang sambahayan ng Diyos at itinatago ang tunay na kalagayan ng mga usapin, at sa sandaling pumalpak sila sa mga bagay-bagay, kinakailangang magsaayos ang sambahayan ng Diyos ng isang tao na mag-aayos ng kanilang kapalpakan. Ito ay isang tipikal na halimbawa ng pakikipagsabwatan sa mga tagalabas para ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Paanong naiiba ito sa pagkakanulo ni Hudas sa Panginoon at sa mga kaibigan niya? Kapag ang ganitong uri ng mga tao ay ginamit para gumawa ng tungkulin, hindi lang sila nabibigong magserbisyo sa sambahayan ng Diyos, kundi lumalabas na sila ay mga mapag-aksaya at tagahatid pa ng kamalasan. Ni hindi nga sila kalipikadong maging mga tagapagserbisyo; talagang sila ay mga mababang-uri! Ang gayong mga tao ay mismong mga alipin ni Satanas at mga supling ng malaking pulang dragon, at sa sandaling mabunyag sila, dapat silang paalisin at itiwalag kaagad. Bilang isang mananampalataya sa Diyos at isang miyembro ng sambahayan ng Diyos, ni hindi nila matupad ang kanilang responsabilidad na ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, mayroon pa ba silang konsensiya at katwiran? Mas masahol pa sila sa isang asong tagapagbantay!

Ang uri ng mga tao na mga Hudas ay walang nakapaskil na salitang “Hudas” sa noo nila, pero ang mga kilos at pag-uugali nila ay kapareho mismo ng kalikasan ng kay Hudas, at hindi mo kailanman dapat gamitin ang ganitong uri ng tao. Ano ang ibig Kong sabihin sa “hindi kailanman dapat gamitin”? Ibig sabihin nito ay na hindi kailanman sila dapat na pagkatiwalaan sa mahahalagang bagay. Kung ito ay isang maliit na bagay na walang mga implikasyon sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, ayos lang na gamitin sila pansamantala, pero ang ganitong uri ng tao ay tiyak na hindi umaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao, dahil sila ay ipinanganak na mga Hudas, at likas silang masama. Sa madaling salita, mapanganib ang mga taong

ito at tiyak na hindi dapat gamitin. Habang mas tumatagal ang paggamit mo sa ganitong uri ng mga tao, mas hindi ka mapapanatag, at mas dumarami ang epekto nito sa hinaharap. Kaya, kung malinaw mo nang nakikita na sila ang uri ng mga tao na mga Hudas, talagang hindi mo sila dapat gamitin—totoo ang lahat ng ito. Wasto ba na tratuhin sila nang ganito? Maaaring sabihin ng ilang tao: “Hindi mapagmahal na tratuhin sila nang ganito. Hindi pa nila ipinagkanulo ang kahit sino; paanong masasabi na mga Hudas sila?” Kailangan mo pa bang hintayin na may ipagkanulo sila? Paano ipinamalas ni Hudas ang sarili niya? Nagkaroon ba ng anumang senyales na ipagkakanulo niya ang Panginoon? (Oo, nagnakaw siya ng pera mula sa lukbutan ng Panginoong Jesus.) Ang mga taong palaging ipinagkakanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos ay may parehong kalikasan ni Hudas, na nagnakaw ng pera sa lukbutan. Sa sandaling maaresto ang mga taong gaya nito, makikibahagi sila sa pagkakanulo, at isusuko kay Satanas ang lahat ng nalalaman nila, nang walang anumang pagpipigil. Ang ganitong uri ng tao ay may diwa ni Hudas. Malinaw nang naibunyag at nailantad ang diwa nila; kung gagamitin mo pa rin sila, hindi ba’t naghahanap ka lang ng problema? Hindi ba’t sadya itong pamiminsala sa sambahayan ng Diyos? Hayagang sinasabi ng ilang tao, “Kung pupungusan ako ng sinuman, o kung may gagawin ang kahit sino na anumang bagay na nakakapinsala sa aking mga interes o nakakasira sa magandang kalagayan ko rito, matitikman din niya ang nararapat sa kanya!” Lalo pang masasabi sa ganitong sitwasyon na may diwa ni Hudas ang ganitong uri ng tao; napakalinaw nito. Sila mismo ang nagsasabi sa iba na sila ay Hudas, kaya, ang ganitong uri ng tao ay tiyak na hindi maaaring gamitin.

III. Paano Tratuhin ang mga Kaibigan ng Iglesia

May isa pang uri ng mga tao na hindi maituturing na mabuti o masama, at na mga mananampalataya lang sa pangalan. Kung hihilingin mo sa kanila na gumawa ng isang bagay paminsan-minsan, kaya nilang gawin ito, pero hindi nila kusang gagampanan ang tungkulin nila kung hindi mo ito isasaayos para sa kanila. Dumadalo sila sa mga pagtitipon sa tuwing libre sila, pero sa sarili nilang pribadong oras, walang nakakaalam kung kumakain at umiinom sila ng mga salita ng Diyos, nag-aaral ng mga himno, o nagdarasal. Gayumpaman, medyo magiliw sila sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia. Ano ang ibig sabihin ng medyo magiliw? Ibig sabihin, kung hihilingin sa kanila ng mga kapatid na gumawa ng isang bagay, papayag sila; alang-alang sa pagiging kapwa mananampalataya, puwede silang tumulong na gumawa ng ilang bagay, sa loob ng saklaw ng mga abilidad nila. Gayumpaman, kung hihilingin sa kanila na gumugol ng labis na pagsisikap o magbayad ng kung anong halaga, tiyak na hindi nila ito gagawin. Kung may isang kapatid na nahihirapan at nangangailangan ng tulong nila, tulad ng paminsan-minsang pagtulong sa pag-aasikaso sa bahay, pagluluto ng pagkain, o paminsan-minsang pagtulong sa ilang maliit na gawain—o marunong ang naturang tao ng banyagang wika at kaya niyang tulungan ang mga kapatid na magbasa ng mga

liham—kaya nilang tumulong sa ganitong uri ng bagay at medyo magiliw sila. Karaniwan ay nakakasundo nila ang iba at hindi sila nagtatanim ng galit sa mga tao, pero hindi sila regular na dumadalo sa mga pagtitipon at hindi nila hinihiling na bigyan sila ng tungkulin, lalo na ang magsagawa ng anumang mahalaga o kahit mapanganib na gawain. Kung hihilingin mo sa kanila na gumawa ng isang mapanganib na gampanin, tiyak na tatanggihan ka nila, sinasabing, “Nananampalataya ako sa diyos alang-alang sa paghahanap ng kapayapaan, kaya paanong gagawa ako ng mga mapanganib na gampanin? Hindi ba’t paghahanap iyon ng gulo? Hindi ko talaga magagawa ito!” Pero kung hihilingin sa kanila ng mga kapatid o ng iglesia na gawin nila ang isang maliit na bagay, kaya nilang tumulong at gumawa ng maliit na pagsisikap, tulad lang ng isang kaibigan. Ang ganitong anyo ng paggugol sa sarili at pagtulong ay hindi matatawag na paggawa ng tungkulin, ni hindi ito matatawag na pagkilos alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, at lalong hindi ito matatawag na pagsasagawa sa katotohanan; isa lang itong kaso ng pagkakaroon nila ng paborableng impresyon sa mga mananampalataya sa Diyos at pagiging medyo magiliw sa mga ito, at pagkakaroon ng kakayahang tumulong kung may nangangailangan ng tulong. Ano ang tawag sa ganitong uri ng mga tao? Tinatawag sila ng sambahayan ng Diyos na mga kaibigan ng iglesia. Paano dapat tratuhin ang uri ng mga tao na mga kaibigan ng iglesia? Kung may taglay silang kakayahan at kaunting kalakasan at kaya nilang tulungan ang iglesia sa pangangasiwa ng ilang panlabas na usapin, mga tagapagserbisyo rin sila at mga kaibigan ng iglesia. Ito ay dahil ang ganitong uri ng mga tao ay hindi maituturing na mga mananampalataya sa Diyos, at hindi sila kinikilala ng sambahayan ng Diyos. At kung hindi sila kinikilala ng sambahayan ng Diyos, puwede ba silang kilalanin ng Diyos bilang mga mananampalataya? (Hindi.) Samakatwid, huwag kailanman hihilingin sa ganitong uri ng mga tao na sumali sa hanay ng mga gumagampan sa tungkulin nang full time. May mga nagsasabi: “Ang ilang tao, nang magsimula silang manampalataya, ay may kaunting pananalig at gusto lang nilang maging mga kaibigan ng iglesia. Hindi nila nauunawaan ang maraming bagay tungkol sa pananampalataya sa Diyos, kaya paano sila magiging handang gumawa ng isang tungkulin? Paano sila magiging handang gugulin ang sarili nila nang buong puso?” Hindi natin tinutukoy ang mga taong nananampalataya sa Diyos sa loob ng tatlo hanggang limang buwan o hanggang isang taon, kundi ang mga taong sa pangalan lang nananampalataya sa Diyos sa loob ng mahigit tatlong taon, o maging sa loob ng lima o sampung taon. Kahit gaano pa sinasabi ng ganitong mga tao na kinikilala nila na ang Diyos ang nag-iisang tunay na Diyos at na ang Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos ang tunay na iglesia, hindi ito nagpapatunay na mga tunay silang mananampalataya. Batay sa iba’t ibang pagpapamalas ng ganitong uri ng mga tao at sa paraan ng pananalig nila, tinatawag natin silang mga kaibigan ng iglesia. Huwag silang ituring bilang mga kapatid—hindi sila mga kapatid. Huwag hayaan ang gayong mga tao na sumali sa iglesiang may tungkuling full-time, at huwag silang hayaang sumali sa hanay ng mga gumagampan ng tungkulin nang full-time; hindi ginagamit ng sambahayan ng Diyos ang

gayong mga tao. Puwedeng sabihin ng ilan: “May pagkiling Ka ba laban sa ganitong uri ng mga tao? Bagama’t mukhang matamlay sa panlabas, sa loob ay talagang masigasig sila.” Imposible para sa mga sinserong mananampalataya na lima o sampung taon nang nananampalataya sa Diyos at nananatili pa ring matamlay; ang pag-uugali ng ganitong uri ng mga tao ay ganap nang ibinubunyag na sila ay mga hindi mananampalataya, mga taong nasa labas ng mga salita ng Diyos, at mga walang pananampalataya. Kung tinatawag mo pa rin silang mga kapatid, at sinasabi mo pa rin na hindi sila tinatrato nang patas, kung gayon, ang kuru-kuro at mga damdamin mo ang nagsasalita.

Paano natin dapat tratuhin ang uri ng mga tao na kaibigan ng iglesia? Sila ay mapagmalasakit at handang tumulong sa pag-aasikaso ng kaunting gawain. Kung may pagkakataon na kailangan sila, maaari mo silang bigyan ng oportunidad na asikasuhin ang kaunting gawain. Kung kaya nilang gawin ang isang bagay, hayaan silang gawin ito. Para naman sa mga bagay na hindi nila kayang gawin nang maayos, at maaari pa nga silang pumalpak, tiyakin mong hindi ka magtatalaga sa kanila ng gayong mga gampanin, nang sa gayon ay maiwasang makalikha ng problema—hindi mo puwedeng hayaan ang sarili mo na mapilitan dahil sa kanilang mabubuting intensyon. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at hindi rin nila nauunawaan ang mga prinsipyo. Kung may mga panlabas na usapin na kaya nilang pangasiwaan, hayaan silang gawin ito. Pero huwag na huwag mo silang hayaang mangasiwa ng mahahalagang gawain na may kinalaman sa gawain ng iglesia—sa gayong kaso, dapat tanggihan ang kanilang mabubuting intensyon at masigasig na tulong. Kapag nakahaharap mo ang ganitong uri ng tao, pakitunguhan mo lang sila sa panlabas, pero hanggang doon lang iyon; huwag mo silang seryosohin. Bakit hindi sila dapat seryosohin? Dahil mga kaibigan lang sila ng iglesia, at hindi talaga sila mga kapatid. Alinsunod ba sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao ang gayong mga tao? (Hindi.) Kaya naman, kung ang ganitong uri ng tao ay hindi dumadalo sa mga pagtitipon, hindi nakikinig sa mga sermon, o hindi gumagawa ng tungkulin, hindi sila kailangang imbitahan pa. Kung hindi sila kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos o nagdarasal, kung hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo sa tuwing may nangyayari sa kanila, at kung ayaw nilang makipag-ugnayan sa mga kapatid, hindi sila kailangan pang suportahan o tulungan. Tatlong salita—huwag silang pansinin. Huwag seryosohin ang ganitong mga uri ng tao na mga kaibigan ng iglesia at mga hindi mananampalataya, at huwag mo silang pansinin. Hindi mo sila kailangang alalahanin, at hindi sila kailangang kumustahin. Bakit hindi sila kailangang kumustahin? Ano ang silbi ng pangungumusta sa mga taong walang kinalaman sa atin? Hindi ito kinakailangan, hindi ba? Gusto ba ninyong bigyang-pansin ang ganitong mga uri ng tao? Marahil ay gusto ninyong maging pakialamero at gustong magmalasakit, at nag-iisip, “Kumusta na kaya sila ngayon? May asawa na kaya sila o wala pa? Ayos lang kaya sila? Anong trabaho ang ginagawa nila ngayon?” Anuman ang kalagayan nila, wala itong kinalaman sa iyo. Ano ang silbi na mag-alala ka tungkol doon? Huwag mo silang bigyan ng pansin, at huwag ka ring magkomento

tungkol sa kanila. May ilang tao na mahilig magkomento, tulad ng: “Kita mo na? Hindi sila nananampalataya nang maayos sa Diyos, namumuhay sila ng nakakapanghina ng loob at nakakapanlupaypay na pag-iral araw-araw, at mukha silang hapong-hapo at pagod na pagod sa lahat ng oras,” o “Kita mo na? Hindi sila nananampalataya nang maayos sa Diyos, kaya wala silang kapayapaan, at mayroon na namang masamang nangyari sa pamilya nila.” Walang kabuluhan ang lahat ng ito, at hindi kinakailangan. Walang kinalaman sa iyo kung paano sila namumuhay at tumatahak sa kanilang landas. Ni huwag mo silang banggitin; hindi kayo magkapareho ng landas. Taos-puso mong ginugugol ang iyong sarili para sa Diyos at ginagawa ang tungkulin mo nang full time, gusto mo lang na maghangad para makamit ang katotohanan at matamo ang kaligtasan, at anuman ang sabihin ng Diyos, gusto mong gawin ang lahat ng iyong makakaya para palugurin Siya; wala sa puso ng mga taong iyon ang ganitong mga saloobin. Kapag nakakakita ka ng masasamang kalakaran, nakakaramdam ka ng paghihimagsik at pagkasuklam sa mga ito, at pakiramdam mo ay walang kaligayahan na mamuhay sa mundong ito, at tanging sa pananampalataya sa Diyos ka makakahanap ng kaligayahan; samantalang sila ay eksaktong kabaligtaran mo: Pinatutunayan nito na hindi kayo magkapareho ng landas. Ang prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pangangasiwa ng ganitong uri ng tao ay na kung sila ay handang tumulong, maaari silang bigyan ng sambahayan ng Diyos ng oportunidad basta’t walang posibleng mga epekto. Kung hindi sila kailangan ng sambahayan ng Diyos at handa pa rin silang tumulong, pinakamainam na tumanggi nang may paggalang—huwag mong bigyan ng problema ang sarili mo. Araw-araw na nagbabahaginan ang mga mananampalataya tungkol sa katotohanan, at tinatanggap nila ang mapungusan, pero kaya pa rin nilang gawin nang pabasta-basta ang mga bagay-bagay, kaya, magagawa bang pangasiwaan nang maayos ng mga kaibigan ng iglesia ang mga bagay-bagay nang walang anumang kapalit na kabayaran? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, pag-iisip ba ito ng masama sa mga tao? Ito ba ay sobrang negatibong pananaw tungkol sa mga tao? (Hindi.) Ito ay pagsasalita batay sa katunayan, pagsasalita batay sa diwa ng mga tao. Huwag maging mangmang, huwag maging hunghang, at huwag gumawa ng anumang kahangalan. Kailangan pa ring sumailalim ang mga mananampalataya sa mga pagpupungos, mga paghatol at pagkastigo, matinding pagdidisiplina, pagtutuwid, at paglalantad bago unti-unting maging alinsunod sa layunin ng Diyos ang paggampan nila sa kanilang tungkulin. Ang isang kaibigan ng iglesia o isang walang pananampalataya ay hindi tumatanggap ng kahit anong katotohanan, at ang tanging iniisip niya lang ay ang sarili niyang mga interes, kaya anong kabutihan ang maidudulot ng pangangasiwa niya sa mga usapin para sa sambahayan ng Diyos o para sa mga kapatid? Tiyak na wala. Nararapat lang na hindi bigyan ng pansin ang ganitong uri ng mga tao, hindi ba? (Oo.) Ano ang ibig sabihin ng “hindi sila bigyan ng pansin”? Ibig sabihin nito ay hindi sila itinuturing ng sambahayan ng Diyos bilang mga mananampalataya. Maaari silang sumampalataya sa Diyos sa anumang paraan nila gusto, pero walang anumang kinalaman sa kanila ang gawain at mga usapin

ng sambahayan ng Diyos. Handa silang tumulong, pero kailangan nating timbangin ang mga bagay-bagay at suriin kung nababagay ba silang gumawa nito, at kung hindi sila nababagay rito, hindi natin puwedeng ibigay sa kanila ang oportunidad na ito. Sabihin mo sa Akin, naaayon ba sa mga prinsipyo ang pagkilos sa ganitong paraan? May karapatan ba tayong tratuhin ang gayong mga tao nang ganito? Oo, sobra!

IV. Paano Tratuhin ang mga Taong Natanggal

May isa pang uri ng mga tao, at iyon ay ang mga natanggal. Paano natin sila dapat tratuhin? Kung tinanggal man ang mga taong ito dahil hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain at inuri sila bilang mga huwad na lider, o dahil sinunod nila ang landas ng mga anticristo at inuri bilang klase ng mga tao na anticristo, kinakailangan na makatwirang italaga sa ibang gawain ang mga taong ito, at gumawa ng mga makatwirang pagsasaayos para sa kanila. Kung sila ay mga anticristo na nakagawa ng maraming masasamang bagay, siyempre, dapat silang patalsikin; kung hindi sila nakagawa ng maraming masasamang bagay, pero may diwa sila ng isang anticristo at nailarawan bilang isang anticristo, hangga't kaya pa rin nilang magserbisyo sa maliit na paraan nang hindi nakakapanggambala o nakakapanggulo, hindi sila kailangang patalsikin—hayaan silang patuloy na magserbisyo at bigyan sila ng pagkakataon na magsisi. Sa kaso ng mga huwad na lider na natanggal, isaayos na gumampan sila ng ibang gawain batay sa kanilang mga kalakasan at sa mga tungkuling nababagay sa kanilang gawin, pero hindi na sila pinahihintulutang magserbisyo bilang mga lider ng iglesia; sa kaso naman ng mga lider at manggagawa na natanggal dahil sa masyadong mahina ang kanilang kakayahan at wala silang kakayahang gumawa ng anumang gawain, isaayos rin na gumampan sila ng ibang gawain batay sa kanilang mga kalakasan at sa mga tungkuling nababagay sa kanilang gawin, pero hindi na sila puwedeng iangat bilang lider o manggagawa. Bakit hindi puwede? Nasubukan na sila. Nabunyag sila, at malinaw nang nakikita na hindi angkop ang gayong mga tao na maging lider dahil sa kanilang kakayahan at kapabilidad sa gawain. Kung hindi sila angkop na maging lider, wala ba silang kakayahang gawin ang ibang mga tungkulin? Hindi naman sa ganoon. Hindi sila bagay na maging lider dahil sa kanilang mahinang kakayahan, pero kaya nilang gumawa ng ibang mga tungkulin. Matapos tanggalin ang gayong mga tao, puwede nilang gawin ang anumang nababagay nilang gawin. Hindi sila dapat tanggalan ng karapatan na gumawa ng tungkulin; puwede pa rin silang gamiting muli kapag lumago na ang kanilang tayog sa hinaharap. Ang ilan ay tinanggal dahil bata pa sila at walang anumang karanasan sa buhay, at wala ring karanasan sa gawain, kaya, wala silang kakayahang pasanin ang gawain at sa huli ay tinanggal sila. Sa pagtanggal sa ganitong uri ng mga tao, mayroon naman kaunting kaluwagan. Kung pasok sa pamantayan ang kanilang pagkatao at sapat ang kanilang kakayahan, maaari silang gamitin pagkatapos maibaba ng ranggo, o maaari silang ilagay sa ibang gawain na nababagay sa kanila. Kapag malinaw na ang pagkakaunawa nila tungkol sa katotohanan, at medyo nakita at

naranasan na nila ang gawain ng iglesia, maaari pa ring iangat at linanging muli ang gayong mga tao batay sa kanilang kakayahan. Kung pasok sa pamantayan ang kanilang pagkatao pero lubhang mahina ang kanilang kakayahan, walang anumang halaga ang paglilinang sa kanila, at tiyak na hindi sila maaaring linangin at panatilihin.

Sa mga natanggal na, may dalawang uri ng mga tao na talagang hindi puwedeng muling iangat at linangin. Ang isa ay ang mga anticristo, at ang isa pa ay ang mga may masyadong mahinang kakayahan. Mayroon ding ilang tao na hindi itinuturing na mga anticristo, pero mayroon lang silang mababang pagkatao, makasarili at mapanlinlang sila at ang ilan sa mga taong ito ay tamad, nag-iimbot ng kaginhawahan ng laman at hindi kayang magtiis ng hirap. Kahit na napakagaling ng kakayahan ng gayong mga tao, hindi sila puwedeng muling iangat. Kung may kaunti silang kakayahan, hayaan silang gawin ang anumang bagay na kaya nilang gawin, hangga't nagagawa ang mga angkop na pagsasaayos para doon; sa madaling salita, huwag silang iangat sa pagiging lider o manggagawa. Bukod sa pagkakaroon ng kakayahan at kapabilidad sa gawain, ang mga lider at manggagawa ay kailangang maunawaan ang katotohanan, mayroong pasanin para sa iglesia, kayang magsikap nang husto at magtiis ng pagdurusa, at dapat sila ay masipag at hindi tamad. Bukod dito, dapat ay medyo matapat at matuwid sila. Hindi mo talaga puwedeng piliin ang mga taong mapanlinlang. Iyong mga masyadong baliko at mapanlinlang ay palaging nagpapakana laban sa mga kapatid, sa mga nakakataas sa kanila, at sa sambahayan ng Diyos. Ginugugol nila ang mga araw nila sa pag-iisip lang ng mga tusong kaisipan. Kapag nakikitungo sa ganitong uri ng tao, palagi mong kailangang hulaan kung ano ang totoong iniisip niya, kailangang palagi mong tanungin kung ano mismo ang ginagawa niya kamakailan, at kailangan mo siyang palaging bantayan. Ang paggamit sa kanya ay masyadong nakakapagod at nakakapag-alala. Kung iaangat ang ganitong uri ng tao para gumawa ng mga tungkulin, kahit na nauunawaan niya ang kaunting doktrina, hindi niya ito isasagawa, at aasahan niyang may mga benepisyo at pakinabang ang bawat maliit na gawaing ginagawa niya. Ang paggamit sa gayong mga tao ay masyadong nakakapag-alala at masyadong nakakaabala, kaya hindi puwedeng iangat ang gayong mga tao. Samakatwid, pagdating sa mga anticristo, sa mga may napakahinang kakayahan, sa mga may masamang pagkatao, sa mga tamad, nag-iimbot ng kaginhawahan ng laman at hindi kayang magtiis ng hirap, at sa mga sobrang baliko at mapanlinlang—kapag ang ganitong mga uri ng tao ay nabunyag at natanggal matapos na gamitin, huwag na silang iangat sa pangalawang pagkakataon; huwag na silang muling gamitin nang mali pagkatapos silang makilatis. Maaaring sabihin ng ilan, "Dating nailarawan bilang isang anticristo ang taong ito. Napansin namin na matagal-tagal nang maayos ang paggampan niya, nagagawa niyang makipag-ugnayan nang normal sa mga kapatid at hindi na niya pinipigilan ang iba. Maaari ba siyang iangat?" Huwag magmadali—kapag naiangat at nagkaroon siya ng katayuan, malalantad ang kanyang anticristong kalikasan. Maaaring sabihin ng iba: "Lubhang mahina ang kakayahan ng taong ito dati; kapag ipinapapangasiwa sa kanya ang gawain ng

dalawang tao, hindi siya marunong magtalaga ng mga gampanin, at kung sabay na nangyari ang dalawang bagay, hindi niya alam kung paano gumawa ng mga makatwirang pagsasaayos. Ngayong medyo mas matanda na siya, magiging mas magaling na siya sa mga bagay na ito, hindi ba?" May katuturan ba ang pahayag na ito? (Wala.) Kapag sabay na nangyari ang dalawang bagay, nalilito ang taong iyon at hindi niya alam kung paano haharapin ang mga ito. Hindi niya kayang kilatisin ang sinuman o anumang bagay. Napakahina ng kakayahan niya na wala siyang kapabilidad sa gawain o abilidad na umarok. Ang gayong tao ay tiyak na hindi puwedeng muling iangat bilang lider. Hindi ito isyu sa edad. Ang mga taong may mahinang kakayahan ay magkakaroon pa rin ng mahinang kakayahan kapag walumpung taong gulang na sila. Hindi ito gaya ng iniisip ng mga tao, na habang tumatanda at nagkakaroon ng higit na karanasan ang isang tao, mauunawaan na niya ang lahat—hindi iyon ganoon. Magkakaroon lamang siya ng kaunting karanasan sa buhay, pero hindi katumbas ng kakayahan ang karanasan sa buhay. Gaano man karaming bagay ang nararanasan o gaano karaming aral ang natututunan ng isang tao, hindi ibig sabihin nito na magiging mahusay ang kakayahan niya.

Kung masyadong makasarili ang pagkatao ng isang tao, masyadong mapanlinlang, at masyadong buktot, at puno siya ng mga tusong pakana, at sarili lang niya ang iniisip niya, kaya bang magbago ng ganitong tao? Tinanggal siya dahil sa mga kadahilanang ito; ngayon, sampung taon na ang lumipas at marami na siyang napakinggan na sermon—hindi na ba makasarili, baliko, at mapanlinlang ang pagkatao niya? Sasabihin Ko sa iyo: Ang ganitong uri ng tao ay hindi magbabago; magiging pareho pa rin siya kahit lumipas pa ang dalawampung taon. Samakatwid, kung makikita mo siyang muli makalipas ang dalawampung taon at tatanungin mo siya kung makasarili at mapanlinlang pa rin ba siya, aaminin niya ito mismo. Bakit hindi nagbabago ang mga taong may masamang pagkatao? Kaya ba nilang magbago? Ipagpalagay na kaya nilang magbago, ano ang kakailanganing mga batayan at kondisyon para mangyari iyon? Kailangang magawa nilang tanggapin ang katotohanan. Ang mga taong may masamang pagkatao ay hindi tumatanggap sa katotohanan, at sa kaibuturan nila, hinahamak, kinapopootan, at inaalipusta nila ang mga positibong bagay, at mapanlaban sila sa mga ito—talagang hindi nila kayang magbago. Kaya, kahit gaano pa karaming taon ang lumipas, huwag mo silang iangat, dahil wala silang kakayahang magbago. Posible na sa loob ng dalawampung taon ay natuto sila na maging mas tuso pa, at maging mas mahusay pa nga sa pagsasalita ng magagandang-pakinggan na bagay at mga bagay na nakalilinlang sa iba. Pero kung makikipag-ugnayan ka sa mga taong ito at oobserbahan ang kanilang mga kilos, matutuklasan mo ang isang katunayan, na hindi sila nagbago kahit kaunti. Ipinagpalagay mo na pagkalipas ng napakaraming taon at pagkatapos makinig sa napakaraming sermon at magampanan ang mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos sa loob ng napakahabang panahon, dapat ay nagbago na sila—nagkakamali ka! Hindi sila magbabago. Bakit? Napakarami na nilang napakinggan na sermon at nabasang salita ng Diyos, pero hindi nila tinatanggap o isinasagawa ang kahit isang pangungusap, kaya

hindi sila nagbago kahit kaunti, at imposibleng magbago sila. Kapag ang gayong mga tao ay ibinunyag at tinanggal, hindi na sila maaaring gamiting muli, at kung gagamitin mo nga sila, pinipinsala mo ang sambahayan ng Diyos at ang mga kapatid. Kung hindi ka sigurado, obserbahan mo lang kung paano sila kumilos, at tingnan kung kaninong mga interes ang ipinagtatanggol nila kapag nahaharap sa mga bagay na nagdudulot na sumalungat ang sarili nilang mga interes sa mga interes ng sambahayan ng Diyos; tiyak na hindi nila isasakripisyo ang kanilang sariling mga interes at hindi nila gagawin ang lahat ng kanilang makakaya para ipagtanggol ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kung titingnan batay rito, hindi sila mapagkakatiwalaan, at hindi sila karapat-dapat na iangat at gamitin ng sambahayan ng Diyos. Kaya, ang gayong mga tao ay nakatadhanang hindi gamitin. Kaya pa rin bang magbago ng mga taong hindi tumatanggap sa katotohanan? Imposible ito, at ito ay pangarap ng isang hangal!

Tungkol naman sa mga taong tamad, na nag-iimbot ng kaginhawahan ng laman, at na hindi kayang magtiis ng kahit katiting na paghihirap, mas lalong wala silang kakayahang magbago. Sa panahon ng kanilang pagiging lider, hindi sila dumaranas ng anumang paghihirap, hindi sila nagtitiis maging sa mga paghihirap na nagagawa namang tiisin ng mga ordinaryong kapatid. Iniraraos lang nila ang kanilang tungkulin—nagdaraos sila ng mga pagtitipon at nangangaral ng ilang doktrina, at pagkatapos ay natutulog na sila para alagaan ang sarili nila. Kung sa gabi ay natutulog sila nang medyo dis-oras na, mahimbing pa rin silang natutulog sa umaga habang ang mga kapatid ay bumabangon na. Ayaw nilang mapagod kahit kaunti o maging abala nang kaunti, o magtiis ng kahit kaunting paghihirap. Hindi sila nagbabayad ng anumang halaga at hindi sila gumagawa ng anumang tunay na gawain. Saanman sila magpunta, sa sandaling makakita sila ng masarap na pagkain at inumin, sobra silang natutuwa na nakakalimutan na nila ang lahat ng iba pa, at hindi sila umaalis, kundi nananatili lang sila roon, na kumakain, umiinom, at nagpapakasaya, nang hindi gumagawa ng anumang gawain. Hindi sila nakikinig kapag pinupungusan sila ng ang Itaas, at hindi rin sila tumatanggap ng mga paalala at paglalantad mula sa mga kapatid. Pinipili nilang mamuhay sa posibleng paraan na pinakamaginhawa, nang hindi nagbabayad ng anumang halaga, at nang hindi tinutupad ang kanilang mga responsabilidad o ginagawa ang kanilang tungkulin, at kaya, sila ay nagiging walang kuwenta. Kaya ba ng gayong mga tao na magbago? Ang ganitong mga tao ay sobrang tamad, nag-iimbot ng kaginhawahan ng laman; hindi nila kayang magbago. Ganito sila ngayon at magiging ganito rin sila sa hinaharap. Maaaring sabihin ng ilang tao, “Nagbago na ang taong iyon, ilang panahon na rin siyang nagsisikap nang husto sa kanyang gawain.” Huwag magmadali. Kung iaangat mo siya bilang lider, babalik siya sa dati niyang gawi—ganoon lang talaga siya. Para siyang isang sugarol, na kapag nauubusan ng pera, ay patuloy pa ring magsusugal kahit na kakailanganin niyang humiram ng pera, ibenta ang kanyang bahay, o ibenta pa nga ang kanyang asawa at mga anak. Kung hindi siya nagsusugal sa kasalukuyan, maaaring dahil sarado na ang casino at walang lugar na mapagsusugalan, o dahil nahuli

na ang lahat ng kanyang kaibigan sa pagsusugal at wala na siyang makakasama sa pagsusugal, o dahil naibenta na niya ang lahat ng bagay na puwede niyang ibenta at wala nang natitirang pera para isugal. Sa sandaling makahawak siya ng pera, magsusugal na naman siya at hindi niya magagawang huminto—ganoon lang talaga siya. Gayundin, ang mga tamad at nag-iimbot ng kaginhawahan ng laman ay wala ring kakayahang magbago. Sa sandaling magkaroon sila ng katayuan, agad silang babalik sa kanilang dating gawi, at malalantad ang totoo nilang mga kulay. Kapag wala silang katayuan, walang nagpapahalaga at naglilingkod sa kanila, at kung wala silang ginagawa, dapat silang paalisin, dahil hindi sinusuportahan ng iglesia ang mga taong walang ginagawa, kaya wala silang mapagpipilian kundi atubiling gawin ang ilang bagay. Iba ang paraan ng paggawa nila sa mga bagay-bagay kumpara sa iba. Aktibong ginagawa ng iba ang mga bagay-bagay, samantalang pasibo nilang ginagawa ang mga ito. Bagama't sa panlabas ay walang pagkakaiba, sa diwa ay mayroong pagkakaiba. Kapag may katayuan ang iba, ginagawa nila ang nararapat nilang gawin at nagagawa nilang tuparin ang kanilang mga responsabilidad; sa sandaling magkaroon naman ng katayuan ang mga tamad at nag-iimbot ng kaginhawahan ng laman, sinasamantala nila ang pagkakataon na magpasasa sa mga pakinabang ng kanilang katayuan at hindi sila gumagawa ng anumang gawain, at sa gayon ay nalalantad ang kanilang kalikasang diwa ng pagiging tamad at pag-iimbot sa kaginhawahan. Samakatwid, ang ganitong uri ng mga tao ay hindi magbabago sa anumang sitwasyon, at sa sandaling mabunyag at matanggal sila, hindi na dapat muling iangat at gamitin ang gayong mga tao—ito ang prinsipyo.

Pagdating sa mga taong may iba't ibang sitwasyon, ito ang mga prinsipyo sa pag-aangat at paggamit sa kanila. Ang pinakamababang pamantayan ay na kaya nilang maglaan ng pagsisikap at magserbisyo sa sambahayan ng Diyos nang hindi nagdudulot ng kaguluhan; sa ganoong kaso, puwede silang gumawa ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Kung hindi nila matugunan kahit ang pinakamababang pamantayang ito, kahit ano pa ang kanilang pagkatao at mga kalakasan, hindi sila angkop na gumawa ng tungkulin, at ang ganitong uri ng mga tao ay dapat itiwalag mula sa hanay ng mga gumagawa ng mga tungkulin. Kung ang pagkatao ng isang tao ay mapaminsala at katumbas ng sa isang antikristo, kapag nakumpirma na isa siyang antikristo, hindi siya kailanman gagamitin ng sambahayan ng Diyos, ni iaangat o lilinangin. Maaaring sabihin ng ilang tao: "Ayos lang ba na hayaan siyang magserbisyo?" Depende ito sa sitwasyon. Kung maaaring magdulot ng negatibong epekto at masasamang kahihinatnan sa sambahayan ng Diyos ang kanyang pagseserbisyo, ni hindi siya bibigyan ng pagkakataon ng sambahayan ng Diyos na magserbisyo. Kung alam niya na siya mismo ay isang masamang tao o antikristo na pinatalsik, pero handa siyang magserbisyo, at gagawin niya ang mga bagay-bagay sa anumang paraang isinasaayos ng iglesia na gawin niya, at kaya niyang magserbisyo nang may maayos na asal, nang hindi pinipinsala ang anumang interes ng sambahayan ng Diyos, sa gayong kaso ay puwede siyang hayaang

manatili. Kung hindi man lang niya magawang magserbisyo nang maayos, at ang serbisyo niya ay mas naghahatid ng pinsala kaysa sa kabutihan, ni hindi siya magkakaroon ng pagkakataon na magserbisyo, at kahit pa magserbisyo nga siya, hindi pa rin siya gagamitin ng sambahayan ng Diyos, dahil hindi man lang siya karapat-dapat o pumapasa sa pamantayan ng pagseserbisyo. Kaya, hindi na dapat bumalik ang ganitong uri ng mga tao—hayaan silang pumunta kahit saan nila gusto. Maaaring sabihin ng ilang tao, “Kung hindi ako gagamitin ng sambahayan ng diyos, ako na mismo ang mangangaral ng ebanghelyo, at ipapasa ko sa sambahayan ng diyos ang mga taong makakamit ko sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo.” Ayos lang ba iyon? (Oo.) Maaaring sabihin ng ilan, “Ayaw Mong gamitin ang taong iyon kahit na sa pagseserbisyo, kaya, sa anong batayan niya ibibigay sa Iyo ang mga taong nakakamit niya sa pangangaral ng ebanghelyo? Sa anong batayan niya ipapangaral ang ebanghelyo para sa Iyo?” Hindi siya ginagamit ng sambahayan ng Diyos dahil sa iba’t ibang aspekto. Una, hindi siya umaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao. Ang isa pa ay hindi nangangahas ang sambahayan ng Diyos na gamitin ang ganitong uri ng mga tao, dahil sa sandaling gamitin sila, magkakaroon ng walang katapusang problema. Kaya, paano natin dapat ipaliwanag itong kagustuhan nila na mangaral ng ebanghelyo? Ang pinatototohanan nila sa pangangaral ng ebanghelyo ay ang Diyos, at dahil sa mga salita at gawain ng Diyos kaya nila nakakamit ang mga tao. Bagama’t nakamit ang mga taong ito sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo ng taong iyon, hindi ito maituturing na papuri para sa kanya. Sa pinakamainam, ito ay pagtupad lang sa kanyang mga responsabilidad bilang tao. Isang anticristo ka man o isang masamang tao, o ikaw man ay pinaalis o pinatalsik, ang pagtupad sa mga responsabilidad mo bilang tao ay isang bagay na dapat mong gawin. Bakit Ko sinasabing isa itong bagay na dapat mong gawin? Nakatanggap ka ng napakaraming panustos ng mga katotohanan mula sa Diyos, at ito rin ang dugo ng puso ng Diyos. Diniligan at tinustusan ka ng sambahayan ng Diyos sa loob ng napakaraming taon, pero mayroon bang anumang hinihingi sa iyo ang Diyos? Wala. Ang iba’t ibang aklat na ipinamamahagi ng sambahayan ng Diyos ay libre, walang sinuman ang kailangang magbayad ni isang sentimo. Gayundin, ang tunay na daan ng walang-hanggang buhay at ang mga salita ng buhay na ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao ay libre, at ang mga sermon at pakikipagbahaginan ng sambahayan ng Diyos ay libre din lahat para mapakinggan ng mga tao. Samakatwid, ikaw man ay isang ordinaryong tao o miyembro ng isang espesyal na grupo, libre kang nakatanggap ng napakaraming katotohanan mula sa Diyos, kaya, tiyak na nararapat lang na ipakalat mo ang mga salita ng Diyos at ang ebanghelyo ng Diyos sa mga tao at dalhin sila sa presensiya ng Diyos, hindi ba? Ipinagkaloob na ng Diyos ang lahat ng katotohanan sa sangkatauhan; sino ang may kayang suklian ang gayong kadakilang pagmamahal? Ang biyaya ng Diyos, ang mga salita ng Diyos, at ang buhay ng Diyos ay walang katumbas na halaga, at walang tao ang may kayang suklian ang mga ito! Ganoon ba kahalaga ang buhay ng tao? Kasinghalaga ba ito ng katotohanan? Kaya, walang sinuman ang may

kayang suklian ang pagmamahal at biyaya ng Diyos, at kasama na roon ang mga pinaalis, pinatalsik, at itiniwalag ng iglesia—hindi sila eksepsiyon. Hangga't mayroon kang kaunting konsensiya, katwiran, at pagkatao, paano ka man tratuhin ng sambahayan ng Diyos, dapat mong tuparin ang obligasyon mo na ipakalat ang mga salita ng Diyos at patotohanan ang Kanyang gawain. Ito ang di-maiiwasang responsabilidad ng mga tao. Samakatwid, gaano man karaming tao ang pinangangaralan mo ng mga salita ng Diyos at ng Kanyang ebanghelyo, o gaano man karaming tao ang nakakamit mo, hindi ito dahilan para purihin ka. Nagpahayag ng napakaraming katotohanan ang Diyos, pero hindi mo pinapakinggan o tinatanggap ang mga ito. Tiyak na dapat kang magserbisyo nang kaunti at mangaral ng ebanghelyo sa iba, hindi ba? Dahil ganito na kalayo ang narating mo ngayon, hindi ba't dapat kang magsisi? Hindi ba't dapat kang maghanap ng mga pagkakataon para masuklian ang pagmamahal ng Diyos? Talagang dapat mong gawin iyon! Mayroong mga atas administratibo ang sambahayan ng Diyos, at ang pagpapaalis, pagpapatalsik, at pagtitiwalag sa mga tao ay ginagawa ayon sa mga atas administratibo at ayon sa mga hinihingi ng Diyos—ang paggawa ng mga bagay na ito ay tama. Maaaring sabihin ng ibang tao, "Medyo nakakahiya namang tanggapin sa iglesia ang mga taong nakamit sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo niyong mga pinaalis o pinatalsik." Sa katunayan, ito ang tungkuling dapat gawin ng mga tao, at walang dapat ikahiya. Ang lahat ng tao ay mga nilikha. Kahit na pinaalis o pinatalsik ka, kinondena bilang masamang tao o isang anticristo, o isa kang target sa pagtitiwalag, hindi ba't isa ka pa ring nilikha? Kapag ikaw ay pinaalis na, hindi ba't Diyos mo pa rin ang Diyos? Nabura na lang ba sa isang iglap ang mga salitang sinabi sa iyo ng Diyos at ang mga bagay na itinustos Niya sa iyo? Huminto ba sa pag-iral ang mga ito? Umiiral pa rin ang mga ito, sadyang hindi mo lang pinahalagahan ang mga ito. Ang lahat ng taong napabalik-loob, kahit sino pa ang nagpabalik-loob sa kanila, ay mga nilikha at dapat na magpasakop sa Lumikha. Kaya, kung handang mangaral ng ebanghelyo ang mga taong ito na pinaalis o pinatalsik, hindi natin sila pipigilan; subalit paano man sila mangaral, hindi puwedeng baguhin ang mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit sa mga tao at ang mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos, at hinding-hindi ito magbabago kahit kailan.

Sa ilang uri ng mga taong ito na natanggal, ang karamihan sa kanila ay malabong tunay na magsisi at hindi na dapat gamiting muli. May pagkakataon lang para iangat at gamitin ang mga taong natanggal o iyong mga may tungkulin na iniayos dahil wala silang karanasan sa gawain kaya't hindi nila nagawa pansamantala ang kanilang gawain. Ang ganitong uri ng mga tao ay may sapat na kakayahan at walang malalaking problema sa kanilang pagkatao; mayroon lang silang ilang maliliit na pagkukulang, masasamang gawi o kinaugalian na namana mula sa kanilang pamilya—hindi malaking problema ang alinman sa mga bagay na ito. Kung kailangan sila ng sambahayan ng Diyos, puwede silang muling iangat at gamitin sa tamang panahon; makatwiran ito, dahil hindi sila masasamang tao at hindi rin sila magiging mga anticristo. Sapat ang kanilang

kakayahan; sadyang hindi pa sila ganoon katagal na gumagawa ng gawain at wala silang karanasan, kaya hindi sila mahusay para gawin ito, na hindi naman isang seryosong problema. Kung tinanggal sila dahil sa mga kadahilanang ito, mayroon silang pagkakataon na umunlad sa hinaharap at maaari silang magbago. Basta't ang isang tao ay may kapabilidad sa gawain, nagtataglay ng kakayahan, at pasok sa pamantayan ang kanyang pagkatao, kung gayon, habang nararanasan niya ang gawain ng Diyos at ginagawa ang kanyang tungkulin, unti-unting magbabago ang ganitong uri ng mga tao, magbabago ang kanyang pagkatao, lalago ang kanyang buhay pagpasok, magkakaroon ng ilang kaukulang pagbabago sa kanyang disposisyon, at magkakaroon rin ng kaunting pag-usad sa pagkaunawa niya sa katotohanan. Depende sa kapaligiran, sa mga tungkuling ginagawa niya, at sa kanyang personal na kapasyahan, magbabago at lalago siya sa iba't ibang antas, kaya't masasabi na dapat iangat at gamitin ang ganitong uri ng mga tao. Ang mga ito ang pangkaraniwang mga prinsipyo para sa muling pag-aangat at paggamit sa ilang uri ng tao na dati nang tinanggal.

Ang ikapitong aytem sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay "Magtalaga at gumamit ng iba't ibang uri ng tao nang makatwiran, batay sa kanilang pagkatao at mga kalakasan, upang ang bawat isa ay magamit sa pinakamainam na paraan." Sa ating pagbabahaginan ngayon lang, malinaw nang naipaliwanag ang kahulugan ng paggamit sa mga tao sa pinakamainam na paraan. Hangga't may kahit katiting na halaga sa paglilinang sa isang tao, at hangga't pasok sa pamantayan ang kanyang pagkatao, bibigyan siya ng mga oportunidad ng sambahayan ng Diyos. Hangga't hinahangad ng isang tao ang katotohanan at minamahal ang mga positibong bagay, hindi siya isusuko o ititiwalag ng sambahayan ng Diyos nang ganoon kadali. Hangga't pasok sa mga pamantayang ibinahagi Ko ngayon lang ang pagkatao at kakayahan mo, siguradong magkakaroon ka ng lugar sa sambahayan ng Diyos para gumawa ng tungkulin, at tiyak na gagamitin ka nang makatwiran, at bibigyan ka ng sapat na pagkakataon para maipakita ang iyong abilidad. Sa madaling salita, kung mayroon kang mga kalakasan at kadalubhasaan sa isang partikular na propesyon na kinakailangan para sa gawain ng iglesia, tiyak na ipapagawa sa iyo ng sambahayan ng Diyos ang isang angkop na tungkulin. Gayumpaman, kung wala kang kapasyahan o kalooban at ayaw mong magsikap para umunlad, gawin mo na lang ang anumang makakaya mo, gumawa ka ng ilang tungkulin na kaya ng iyong abilidad, at wala nang iba pa. Kung mayroon kang kapasyahan, at sinasabi mo, "Gusto kong maunawaan at makamit ang mas maraming katotohanan, at tumahak sa landas ng kaligtasan sa lalong madaling panahon, at makapasok sa katotohanang realidad. Handa akong maging mapagsaalang-alang sa pasanin ng Diyos, handang magbuhat ng mabigat na pasanin sa sambahayan ng Diyos, magdusa ng higit na paghihirap kaysa sa iba, mas higit na gumugol ng sarili ko at higit na tumalikod kaysa sa iba," at kung nababagay ka sa lahat ng aspekto, pero wala pa ring nagrerekomenda sa iyo, maaari mo ring irekomenda ang sarili mo. Hindi ba't makatwiran iyon? Sa kabuuan, ang mga ito ang lahat ng prinsipyo ng sambahayan ng

Diyos sa paggamit sa iba't ibang uri ng tao, na ang layon ay walang iba kundi ang tulutan ang mga tao na makapasok sa katotohanang realidad. Ano ang mga pagpapamalas ng pagpasok sa katotohanang realidad? Nauunawaan nila ang katotohanan, nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa ang lahat ng iba't ibang aspekto ng gawain, at may kakayahan silang isagawa ang mga kaukulang katotohanan kapag nakikisalamuha sa iba't ibang uri ng tao, pangyayari, at bagay sa pang-araw-araw na buhay, sa halip na malito at hindi malaman ang gagawin sa tuwing may nangyayari sa inyo—ito ang layon. Dahil ito ang itinakdang layon, dapat kayong maghangad na matugunan ito!

Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa ikapitong aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Maaaring sabihin ng ilang tao, "Hindi Ka pa tapos sa pagbabahagi, hindi Mo pa nailantad ang mga huwad na lider kaugnay sa aytem na ito." Ang isasagot Ko ay hindi na sila kailangang ilantad. Sa isang banda, mahina ang kakayahan ng mga huwad na lider at wala silang kakayahang gumawa ng tunay na gawain; sa kabilang banda, wala silang konsensiya at katwiran, walang dinadalang pasanin, hindi man lang isinasapuso ang kanilang gawain, at ni hindi nila magawa nang maayos ang mga simpleng bagay. Sa tuwing nakakaranas sila ng masalimuot na problema, o ng isang problema na may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo, hindi man lang nila ito matukoy, at lalong hindi nila makilatis ang diwa ng problema. Kaya, hindi na sila kailangang ilantad. Kahit pa ilantad sila, hindi rin nila ito tatanggapin, at masasayang lang ang mga salita. Dagdag pa rito, ang pagbanggit sa mga nagawa nila ay magiging nakakasuklam at nakakagalit lang nang husto sa mga tao sa kaibuturan nila. Isang pagkakamali sa paggamit sa mga tao ang pagtatalaga ng gayon kahalagang gawain sa mga huwad na lider na ito. Ang kawalan ng kakayahang gawin ang kanilang gawain ay sapat na para maramdaman nilang wala silang kuwenta, at kung sila ay ilalantad at hihimayin, mas lalo lang silang magdadalamhati. Kaya, hayaan ang mga huwad na lider na ito na ikumpara ang kanilang sarili at suriin ang kanilang mga problema sa abot ng kanilang makakaya. Kung matutuklasan mo ang iyong mga problema, tingnan kung kaya mo bang gumawa ng mga pagbuti sa hinaharap; kung hindi mo matuklasan ang mga ito, kailangan mong magpatuloy sa pagsusuri, at maaari ka ring humingi ng tulong sa mga tao sa paligid mo para suriin at ayusin ito. Kung nakipagbahaginan na sa iyo ang iba at isinapuso mo ito, pero hindi mo pa rin natuklasan ang sarili mong mga problema, at hindi mo pa rin alam kung paano makikilala o masosolusyunan ang mga ito, tunay ka ngang isang huwad na lider at dapat kang itiwalag.

Marso 6, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (7)

Ikapitong Aytem: Magtalaga at Gumamit ng Iba't Ibang Uri ng Tao Nang Makatwiran, Batay sa Kanilang Pagkatao at mga Kalakasan, Upang ang Bawat Isa ay Magamit sa Pinakamainam na Paraan (Ikalawang Bahagi)

Sa huling pagbabahaginan, tinalakay ang ikapitong responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Magtalaga at gumamit ng iba't ibang uri ng tao nang makatwiran, batay sa kanilang pagkatao at mga kalakasan, upang ang bawat isa ay magamit sa pinakamainam na paraan." Pangunahin nating pinagbahaginan ang tatlong aspekto ng responsabilidad na ito. Ano ang tatlong aspektong ito? (Una ay ang makatwirang paggamit sa iba't ibang uri ng tao batay sa kanilang pagkatao; pangalawa ay ang makatwirang paggamit sa iba't ibang uri ng tao batay sa kanilang mga kalakasan; at ang pangatlo ay kung paano tratuhin at gamitin ang ilang natatanging uri ng tao.) Ang mga ito ang pangunahing tatlong aspekto. Sa pagsusuri sa tatlong aspektong ito, ginagamit ba ang bawat tao sa pinakamainam na paraan sa prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa paggamit ng mga tao? (Oo.) Tumpak ba ang prinsipyong ito? Patas ba ito para sa mga tao? (Patas ito.) Tungkol naman sa mga hangal na may mahinang pag-iisip, wala silang kakayanang gawin ang anumang bagay, at ni hindi nila kayang gumawa ng kaunting tungkulin. Kung magtatalaga ka sa kanila ng gawain, maging sa propesyonal, teknikal na aspekto o sa usapin ng pisikal na trabaho, hindi nila ito kayang tapusin. Talagang hindi puwedeng gamitin ang gayong mga tao, kahit sa pagseserbisyo. Sa usapin ito ng katalinuhan. Sa usapin naman ng pagkatao, ang mga may masamang pagkatao at masasamang tao, bagama't kaya nilang gumawa ng kaunting gawain at gumampan ng kaunting tungkulin, dahil masyadong masama ang pagkatao nila, magdudulot sila ng mga kaguluhan at pagkagambala sa paggampan sa tungkulin nila, na hahantong sa mas malaking kawalan kaysa sa pakinabang, at wala silang anumang magagawa nang maayos. Hindi angkop ang gayong mga tao sa paggampan ng tungkulin at talagang hindi sila puwedeng gamitin. Kung may mga taong nagtataglay ng ilang partikular na kalakasan, hangga't natutugunan nila ang lahat ng kondisyong hinihingi para sa gawain ng sambahayan ng Diyos—sa batayan ng pagkakaroon ng pagkatao na pasok sa pamantayan—maaari silang makatwirang italaga at gamitin. Noong nakaraan, nagbahaginan din tayo tungkol sa kung paano tratuhin at gamitin ang ilang natatanging uri ng tao. Ang unang uri ay ang mga taong gaya ni Hudas, na lubhang duwag. Batay sa lubha nilang karuwagan, sa sandaling mahuli sila ng malaking pulang dragon, may 100% na posibilidad na magiging Hudas sila; kung itatalaga sila sa isang mahalagang gawain, kapag may mangyari, ipagkakanulo nila ang lahat. Hindi ba mapanganib ang mga karakter na ito? Mayroon ding isang uri ng mga tao na katulad ng mga hindi mananampalataya, na tinatawag nating mga kaibigan ng iglesia. Tila

naniniwala ang mga taong ito sa puso nila na may isang Matandang Lalaki sa langit, pero hindi nila alam kung talaga bang umiiral ang Diyos, kung nasaan ang Diyos, o kung tunay nga bang ginagawa na ng Diyos ang Kanyang bagong gawain, madalas nilang pinagdududahan ang pag-iral ng Diyos. Hindi sila tunay na nananampalataya at sumusunod sa Diyos. Samakatwid, hindi puwedeng gamitin ang gayong mga tao, hindi sila nababagay na gumampan ng tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Kahit iyong mga tunay na nananampalataya ay hindi palaging nakakagampan ng tungkulin nila sa paraang pasok sa pamantayan, lalo na ang isang hindi mananampalataya, isang kaibigan ng iglesia! Ang isa pang uri ng mga tao ay iyong mga tinanggal; nahahati rin ang grupong ito sa ilang sitwasyon.

Ang nilalaman ng nakaraang pagbabahaginan tungkol sa ikapitong responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay simpleng sumasaklaw sa tatlong pangunahing puntong ito: Una ay ang makatwirang paggamit sa iba't ibang uri ng tao batay sa kanilang pagkatao; pangalawa ay ang makatwirang paggamit sa iba't ibang uri ng tao batay sa kanilang mga kalakasan; at ang pangatlo ay kung paano tratuhin at gamitin ang ilang natatanging uri ng tao. Ang tatlong pangunahing puntong ito ay ibinahagi batay sa ilang aspektong binanggit sa ikapitong responsabilidad, at malinaw na ibinahagi ang tungkol sa mga prinsipyo. Sinasabi ng ilang tao: "Bagama't malinaw na ibinahagi ang tungkol sa mga prinsipyo, pagdating sa ilang partikular na usapin at espesyal na sitwasyon, hindi pa rin namin alam kung paano gamitin ang mga prinsipyong ito, kung paano tratuhin ang mga tao, o kung paano iangat at gamitin ang mga indibidwal; madalas pa rin naming hindi alam kung ano ang gagawin." Umiiral ba ang gayong problema? (Oo.) Paano dapat lutasin ang problemang ito? Ang unang dapat isaalang-alang sa pag-aangat at paggamit ng mga tao ay ang mga pangangailangan ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang pangalawang dapat isaalang-alang ay kung ang epekto ng paggamit sa isang indibidwal sa gawain ng sambahayan ng Diyos ay mas kapaki-pakinabang kaysa sa nakakapinsala, o kabaligtaran. Kung may kapintasan ang pagkatao ng isang indibidwal, pero mas kapaki-pakinabang ang paggamit sa kanya kaysa sa nakakapinsala sa gawain ng sambahayan ng Diyos, maaaring pansamantalang gamitin ang gayong indibidwal hanggang sa makahanap ng mas angkop na tao. Kung magreresulta ang paggamit sa taong ito sa mas higit na pinsala kaysa sa kabutihan, at sa mas higit na kawalan kaysa sa pakinabang, na humahantong lang sa pagkasira at palpak na paggawa sa gawain ng iglesia, talagang hindi puwedeng gamitin ang gayong tao. Ito ang prinsipyo ng pagtimbang ng mga kalamangan at kahinaan na dapat munang maarok sa mga sitwasyon kung saan walang angkop na mga kandidato, at ito rin ang prinsipyo para sa pansamantalang paggamit ng mga tao. Kapag walang mahanap na angkop na kandidato at hindi malinaw kung sino ang maaaring medyo mas mahusay, kapag hindi malinaw kung sino ang ganap na nababagay sa isang gampanin at tila pangkaraniwan lang ang lahat, ano ang dapat gawin? Ang tanging pagpipilian ay ang maghanap ng dalawang tao na medyo may espirituwal na pang-unawa, ibig sabihin, iyong mga dalisay ang pagkaarok sa

katotohanan, para sama-samang magtulungan sa paggawa ng gawain. Habang ginagampanan nila ang mga tungkulin nila, dapat mas makipagbahaginan sa kanila ng tungkol sa katotohanan, at dapat obserbahan at unawain ang mga sitwasyon nila; sa ganitong paraan, posibleng matukoy kung sino ang mayroong medyo mas mabuting kakayahan, na magpapadali sa paghahanap sa marapat na kandidato. Kahit sino pa ang maisaayos na gumampan ng tungkulin, kailangang nakabatay ito sa kakayahan, mga kalakasan, at karakter niya; mahalaga ito. Kung hindi malinaw na nakikilatis ang mga aspektong ito at hindi nauunawaan kung anong mga kalakasan ang taglay ng isang tao, dapat muna siyang atasan ng isang simpleng tungkulin, o ilang pisikal na trabaho, o maisaayos sa pangangalap ng tatanggap ng ebanghelyo para pangaralan ng ebanghelyo. Pagkatapos ng isang panahon ng pagsubok, ginagawang posible ng pagsusubaybay at karagdagang obserbasyon na tumpak na masuri ang sitwasyon niya at mas madaling matukoy kung ano ang pinakaangkop na tungkulin para sa kanya. Kung masyadong mahina ang kakayahan niya at wala siyang mga kalakasan, sapat na ang pagtatalaga sa kanya ng kaunting pisikal na gawain. Kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa ang mga superbisor ng mahalagang gawain, ang mga direktor ng ebanghelyo, bawat lider ng pangkat, mga direktor ng mga pangkat na gumagawa ng pelikula, at iba pa, mula sa iba't ibang sanggunian, at mas mahigpit na obserbahan at suriin ang mga taong ito bago sila makatiyak sa mga ito. Sa pamamagitan lamang ng maingat na pagtatalaga ng mga tungkulin sa mga tao sa ganitong paraan sila makatitiyak na angkop ang mga pagsasaayos, at na magiging epektibo ang mga tao sa tungkulin ng mga ito. Sinasabi ng ilang tao, "Maging ang mga walang pananampalataya ay nagsasabing, 'Huwag pagdudahan ang mga taong kinukuha mo sa trabaho, at huwag mong kuhain sa trabaho ang mga taong pinagdududahan mo.' Bakit lubhang walang tiwala ang sambahayan ng Diyos? Lahat sila ay mga mananampalataya; maaari ba silang maging ganoon kasama? Hindi ba't mabubuting tao silang lahat? Bakit sila kailangang unawain, pangasiwaan, at obserbahan ng sambahayan ng Diyos?" Tama ba ang mga salitang ito? May problema ba sa mga ito? (Mayroon.) Naaayon ba sa mga prinsipyo ang malalimang pag-unawa at pag-obserba sa isang tao, at pakikisalamuha sa kanila nang malapitan? Ganap na naaayon ito sa mga prinsipyo. Sa aling mga prinsipyo ito naaayon? (Ikaapat na aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Alamin palagi ang sitwasyon ng mga superbisor ng iba't ibang gawain at ng mga tauhan na responsable sa iba't ibang mahalagang trabaho, at agad na iayos ang tungkulin nila o tanggalin sila kung kinakailangan, para maiwasan o mabawasan ang mga kawalan na dulot ng paggamit sa mga taong hindi angkop, at matiyak ang kahusayan at maayos na pag-usad ng gawain.") Magandang sanggunian ito, ngunit ano ang aktuwal na dahilan sa paggawa nito? Ito ay dahil ang mga tao ay may mga tiwaling disposisyon. Ngayon, bagama't maraming taong gumagawa ng tungkulin, iilan lamang ang naghahangad sa katotohanan. Napakakaunting tao ang naghahangad sa katotohanan at pumapasok sa realidad habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin; para sa

karamihan, wala pa ring mga prinsipyo sa paraan ng paggawa nila ng mga bagay-bagay, hindi pa rin sila mga taong tunay na nagpapasakop sa Diyos; ipinapahayag lamang nila na mahal nila ang katotohanan, at handa silang hangarin ang katotohanan, at handa silang magsumikap para sa katotohanan, subalit wala pa ring nakakaalam kung hanggang kailan tatagal ang kanilang pagpapasya. Ang mga taong hindi naghahangad sa katotohanan ay malamang na magbunyag ng kanilang mga tiwaling disposisyon anumang oras o saanmang lugar. Wala silang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad sa kanilang tungkulin, madalas silang pabasta-basta, kumikilos sila ayon sa gusto nila, at ni wala silang kakayanang tumanggap ng pagpupungos. Sa sandaling sila ay maging negatibo at mahina, may tendensiya silang talikuran ang kanilang gawain—madalas itong mangyari, wala nang ibang mas karaniwan pa rito; ganoon kumilos ang lahat ng hindi naghahangad ng katotohanan. Kaya nga, kapag hindi pa nakakamit ng mga tao ang katotohanan, hindi sila maaasahan at hindi mapagkakatiwalaan. Ano ang ibig sabihin ng hindi sila mapagkakatiwalaan? Ang ibig sabihin nito ay na kapag nahaharap sila sa mga paghihirap o balakid, malamang na mabuwal sila, at maging negatibo at mahina. Mapagkakatiwalaan ba ang isang taong madalas maging negatibo at mahina? Talagang hindi. Ngunit iba ang mga taong nakakaunawa sa katotohanan. Ang mga taong tunay na nakakaunawa sa katotohanan ay malamang na mayroong may-takot-sa-Diyos na puso, at pusong nagpapasakop sa Diyos, at ang mga tao lamang na mayroong may-takot-sa-Diyos na puso ang mga taong mapagkakatiwalaan; ang mga taong walang may-takot-sa-Diyos na puso ay hindi mapagkakatiwalaan. Paano dapat harapin ang mga taong walang may-takot-sa-Diyos na puso? Siyempre, dapat silang bigyan ng mapagmahal na tulong at suporta. Dapat silang subaybayan nang mas madalas habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, at mas tulungan at turuan; saka lamang magagarantiyahan na magagawa nila nang epektibo ang kanilang tungkulin. At ano ang layon ng paggawa nito? Ang pangunahing layon ay ang itaguyod ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang pangalawa rito ay para agad na matukoy ang mga problema, para agad silang matustusan, masuportahan, o mapungusan, na itinatama ang kanilang mga paglihis, at pinupunan ang kanilang mga pagkukulang at kapintasan. Kapaki-pakinabang ito sa mga tao; walang mapaminsala dito. Ang pangangasiwa sa mga tao, pag-oobserba sa kanila, pagsisikap na maunawaan sila—lahat ng ito ay para tulungan silang pumasok sa tamang landas ng pananalig sa Diyos, para bigyan sila ng kakayanang gawin ang kanilang tungkulin ayon sa hinihingi ng Diyos at ayon sa prinsipyo, upang hindi sila makapagdulot ng mga kaguluhan o pagkagambala, at upang pigilan silang gumawa ng walang saysay na gawain. Ang layon ng paggawa nito ay ganap na tungkol sa pagpapakita ng responsabilidad sa kanila at sa gawain ng sambahayan ng Diyos; walang masamang hangarin dito. Ipagpalagay na may nagsasabi, “Ang mga ito pala ang mga prinsipyo ng sambahayan ng diyos sa pagtrato sa mga tao, ito ang mga paraang ginagamit nila. Kailangan ko nang mag-ingat mula ngayon. Walang pakiramdam ng seguridad sa sambahayan ng diyos. Palaging may nakabantay sa iyo;

mahirap gampanan ang tungkulin mo!” Tama ba ang pahayag na ito? Anong klase ng mga tao ang magsasabi ng ganitong bagay? (Mga hindi mananampalataya.) Mga hindi mananampalataya, mga kakatwang tao, at iyong mga walang espirituwal na pang-unawa—nakahiligan nilang magsalita nang magulo at walang katuturan, nang hindi inuunawa ang katotohanan. Ano ang isyu rito? Hindi ba mga salita ito na humuhusga at kumokondena sa gawain ng iglesia? Isa rin itong paghusga at pagkondena sa katotohanan at sa mga positibong bagay. Ang mga taong may kakayanang magsabi ng gayong mga salita ay tiyak na mga taong naguguluhan, na hindi nakauunawa sa katotohanan, silang lahat ay mga hindi mananampalataya na hindi nagmamahal sa katotohanan.

Pinangangasiwaan, inoobserbahan, at sinusubukang unawain ng sambahayan ng Diyos ang mga taong gumagawa ng tungkulin. Kaya ba ninyong tanggapin ang prinsipyong ito ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Isang magandang bagay kung matatanggap mong pangasiwaan, obserbahan, at subukang unawain ka ng sambahayan ng Diyos. Makakatulong ito sa pagtupad mo sa iyong tungkulin, sa pagkakaroon mo ng kakayanang magawa ang iyong tungkulin nang pasok sa pamantayan at para matugunan ang mga layunin ng Diyos. Kapaki-pakinabang at nakakatulong ito sa iyo, nang wala talagang negatibong epekto. Kapag naunawaan mo na ang prinsipyong ito, hindi ba’t hindi ka na makakaramdam ng paglaban o pagbabantay laban sa pangangasiwa ng mga lider, manggagawa, at mga taong hinirang ng Diyos? Bagama’t paminsan-minsan ay sinusubukan kang unawain ng isang tao, inoobserbahan ka, at pinangangasiwaan ang gawain mo, hindi mo ito dapat personalin. Bakit Ko sinasabi ito? Dahil ang mga gampaning nasa iyo ngayon, ang tungkuling ginagampanan mo, at anumang gawaing ginagawa mo ay hindi mga pribadong gawain o personal na trabaho ng sinumang tao; may kinalaman ang mga ito sa gawain ng sambahayan ng Diyos at may kaugnayan sa isang bahagi ng gawain ng Diyos. Samakatwid, kapag may sinumang gumugugol ng kaunting oras para pangasiwaan o obserbahan ka, o umuunawa sa iyo nang malalim, sumusubok na kausapin ka nang masinsinan at tuklasin kung ano ang naging kalagayan mo sa panahong ito, at kapag medyo mabagsik pa kung minsan ang kanilang saloobin, at pinupungusan, dinidisiplina, at pinagsasabihan ka nila nang kaunti, lahat ng ito ay dahil matapat at responsable sila sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi ka dapat magkaroon ng anumang negatibong saloobin o emosyon tungkol dito. Ano ang ibig sabihin kung kaya mo itong tanggapin kapag pinapangasiwaan, inoobserbahan, at sinusubukan kang unawain ng iba? Na sa puso mo, tinatanggap mo ang pagsisiyasat ng Diyos. Kung hindi mo tinatanggap ang pangangasiwa, pag-oobserba, at pagtatangka ng mga tao na unawain ka—kung ayaw mong tanggapin ang lahat ng ito—magagawa mo bang tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos? Ang pagsisiyasat ng Diyos ay mas detalyado, malalim, at tumpak kaysa kapag sinusubukan ng mga tao na unawain ka; ang mga hinihingi ng Diyos ay mas partikular, mahigpit, at malalim. Kung hindi mo matanggap ang mapangasiwaan ng hinirang na mga tao ng Diyos, walang kabuluhang mga salita lamang ba ang pahayag mo na kaya mong tanggapin ang pagsisiyasat ng

Diyos? Para magawa mong tanggapin ang pagsisiyasat at pagsusuri ng Diyos, dapat mo munang tanggapin ang mapangasiwaan ng sambahayan ng Diyos, ng mga lider at manggagawa, o ng mga kapatid. Sinasabi ng ilang tao, “Mayroon akong mga karapatang pantao, may kalayaan ako, may sarili akong paraan ng paggawa. Ang mapasailalim sa pangangasiwa at inspeksyon sa lahat ng ginagawa ko, hindi ba’t nakakasakal ang ganitong paraan ng pamumuhay? Nasaan ang mga karapatang pantao ko? Nasaan ang kalayaan ko?” Tama ba ang pahayag na ito? Ang mga karapatang pantao at kalayaan ba ang katotohanan? Hindi katotohanan ang mga ito. Ang mga karapatang pantao at kalayaan ay mga medyo sibilisado at progresibong paraan lang ng pagtrato sa mga tao sa lipunan, pero sa sambahayan ng Diyos, ang salita ng Diyos at ang katotohanan ang nangingibabaw sa lahat—hindi maikukumpara ang mga ito sa “mga karapatang pantao” at “kalayaan.” Samakatwid, sa sambahayan ng Diyos, anuman ang ginagawa ay hindi nakabatay sa matatayog na teorya o kaalaman ng walang pananampalatayang mundo, kundi sa salita ng Diyos at sa katotohanan. Kaya, kapag sinasabi ng ilang tao na gusto nila ng mga karapatang pantao at kalayaan, ayon ba ito sa mga prinsipyo? (Hindi.) Talagang malinaw na hindi ito nakaayon sa prinsipyo ng paggampan sa tungkulin. Nasa sambahayan ka ng Diyos, ginagampanan ang tungkulin ng isang nilikha, hindi nagtatrabaho sa lipunan para kumita ng pera. Kaya, hindi kailangan ng sinuman na ipagtanggol ka para protektahan ang iyong mga karapatang pantao; hindi kinakailangan ang mga gayong bagay. Nagtataglay ba ng pagkilatis ang karamihan sa mga tao tungkol sa mga karapatang pantao at kalayaan? Nabibilang ang mga ito sa mga kaisipan at perspektiba ng tao at hindi puwedeng ikumpara sa katotohanan; hindi naaangkop ang gayong mga ideya sa sambahayan ng Diyos. Isang magandang bagay na pinangangasiwaan ng isang lider ang gawain mo. Bakit? Dahil nangangahulugan ito na umaako siya ng responsabilidad para sa gawain ng iglesia; ito ang tungkulin niya, ang responsabilidad niya. Ang magawang tuparin ang responsabilidad na ito ay nagpapatunay na siya ay isang mahusay na lider, isang mabuting lider. Kung binigyan ka ng ganap na kalayaan at mga karapatang pantao, at nagagawa mo ang anumang gusto mo, nasusunod ang mga pagnanais mo, at natatamasa ang buong kalayaan at demokrasya, at anuman ang ginawa mo o paano mo man ito ginawa, ang lider ay walang pakialam o hindi nangasiwa, hindi ka kailanman kinuwestiyon, hindi sinuri ang gawain mo, hindi nagsalita nang matuklasan ang mga isyu, at maaaring nanghikayat o nakipagkasundo lang sa iyo, maituturing ba siya na mabuting lider? Malinaw na hindi. Pinipinsala ka ng gayong lider. Kinukunsinti niya ang paggawa mo ng masama, pinapahintulutan kang lumabag sa mga prinsipyo at gawin ang nais mo—tinutulak ka niya patungo sa isang hukay ng apoy. Hindi ito isang lider na responsable at pasok sa pamantayan. Sa kabilang banda, kung nagagawa ng isang lider na regular kang pangasiwaan, tukuyin ang mga isyu sa gawain mo, at maagap kang paalalahanan o sawayin at ilantad ka, at ituwid at tulungan ka sa iyong mga maling paghahangad at paglihis sa maagap na paggampan sa tungkulin mo, at sa ilalim ng kanyang

pangangasiwa, pagsaway, pagtustos, at pagtulong, nagbabago ang mali mong saloobin sa tungkulin mo, nagagawa mong iwaksi ang ilang kakatwang pananaw, unti-unting nababawasan ang sarili mong mga ideya at mga bagay na umuusbong mula sa pagkamainitin ng ulo, at nagagawa mong mahinahong tanggapin ang mga pahayag at pananaw na tama at ayon sa mga katotohanang prinsipyo, hindi ba't kapaki-pakinabang ito para sa iyo? Napakalaki nga ng mga pakinabang!

Tinatrato ng sambahayan ng Diyos ang mga lider at manggagawa sa pamamagitan ng pangangasiwa, pagmamasid, at pag-unawa. Ano ang batayan sa pagtrato sa mga tao sa ganitong paraan? Bakit sila tinatrato sa ganitong paraan? Hindi ba ito isang pamamaraan at pagharap na nagmumula sa mga prinsipyo ng pagiging tapat, seryoso, at responsable sa tungkulin ng isang tao? (Oo.) Kung hindi kailanman nangangasiwa, nag-oobserba, o malalim na inuunawa ng isang lider ang mga taong responsabilidad niya sa paggawa niya ng kanyang mga tungkulin, maituturing ba siya na isang lider na tapat sa tungkulin niya? Malinaw na hindi. Nasuri ba ng mga lider, manggagawa, at superbisor ninyo ang gawain mo? Nakapagtanong ba sila tungkol sa pag-usad ng gawain mo? Nakapaglutas ba sila ng mga isyu na lumitaw sa gawain mo? Naitama ba nila ang anumang mga malinaw na kamalian o paglihis sa gawain mo? Nakapag-alok ba sila ng tulong, panustos, suporta, o pagpupungos kaugnay sa iba't ibang pagpapamalas at pagbubunyag ng pagkatao mo at sa paghahangad mo ng buhay pagpasok? Kung, bukod sa hindi kailanman nagbibigay ng paggabay ang isang lider para sa mga gumagampan ng mga ordinaryong tungkulin ay hindi rin siya nagbibigay ng pagbabahaginan, tulong, o suporta para sa mga nakikibahagi sa makabuluhang gawain—bukod pa sa pangangasiwa, pag-oobserba, o malalim na pag-unawa—kung wala ang mga pagpapamalas at kilos na ito, maituturing ba ang lider na ito bilang isang lider na gumagawa ng kongkretong gawain? Pasok ba siya sa pamantayan bilang lider? (Hindi.) Sinasabi ng ilang tao, "Nagdaraos lang ng mga pagtitipon para sa amin ang lider namin nang dalawang beses sa isang linggo, nagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos nang kaunti, at pagkatapos ay nagbabasa ng kaunting pagbabahagi mula sa ang Itaas, at minsan ay nagbabahagi siya tungkol sa personal niyang pagkaunawa batay sa karanasan. Pero hindi siya kailanman nag-alok ng anumang payo, panustos, o tulong kaugnay sa iba't ibang kalagayan namin, pati na sa mga paghihirap na kinakaharap namin habang ginagampanan ang mga tungkulin namin o sa aming buhay pagpasok." Ano ang masasabi mo tungkol sa lider na ito? (Hindi siya pasok sa pamantayan, isa siyang huwad na lider.) Kung walang pakialam ang isang lider sa sarili niyang trabaho o sa iba't ibang kalagayan ng mga taong nasa ilalim niya, ni hindi niya tinutupad ang mga responsabilidad niya, hindi siya pasok sa pamantayan bilang lider. Hindi siya nangangasiwa, nag-oobserba, o sumusubok na unawain ang sinuman. Sa bawat pagkakataon, ganito ang pag-uusap ninyo: "Kumusta na ngayon ang taong ito?" "Inoobserbahan ko siya ngayon." "Gaano mo na siya katagal na inoobserbahan? Pamilyar ka na ba sa kanya?" "Mga isa o dalawang taon ko na siyang inoobserbahan.

Hindi pa ako masyadong pamilyar sa kanya.” “Paano naman ang taong iyon?” “Hindi pa rin ako masyadong nakatitiyak sa kanya, pero kaya niyang magtiis ng paghihirap sa paggampan sa tungkulin niya, may pagpapasya siya, at handang igugol ang sarili niya para sa Diyos.” “Paimbabaw lahat iyan. Kumusta naman ang paghahangad niya sa katotohanan?” “Kailangan ko rin bang alamin iyon? Sige, susuriin ko ito.” Lingid sa kaalaman kung gaano katagal mo pa kakailanganing maghintay sa mga resulta matapos niyang sabihing susuriin niya ito, wala itong katiyakan. Ang gayong huwad na lider ay hindi mapagkakatiwalaan sa gawain niya.

May responsableng saloobin ba sa gawain ninyo ang mga lider ninyo sa iglesia at mga superbisor ninyo? Tunay ba nilang naaarok at nauunawaan ang mga kalagayan ninyo kaugnay sa gawain? Maayos bang natugunan ang aspektong ito ng gawain? (Hindi.) Wala sa kanila ang maayos na nakapagtugon sa aspektong ito; walang sinumang umabot sa punto ng pagiging tapat sa tungkulin niya at pagiging seryoso at responsable para sa gawain. Kung gayon, madali bang makamit ito? Mahirap ba ito? Hindi ito mahirap. Kung talagang may kakayahan ka, tunay mong nauunawaan ang mga propesyonal na kasanayang saklaw ng iyong responsabilidad, at hindi ka isang tagalabas sa iyong propesyon, isang parirala lamang ang kailangan mong sundin, at magagawa mo nang maging tapat sa iyong tungkulin. Aling parirala? “Isapuso mo ito.” Kung isinasapuso mo ang mga bagay-bagay, at isinasapuso mo ang mga tao, magagawa mong maging tapat at responsable sa iyong tungkulin. Madali bang isagawa ang pariralang ito? Paano mo ito isasagawa? Hindi ito nangangahulugan ng paggamit ng iyong mga tainga para makinig, o ng iyong isipan para mag-isip—ibig sabihin nito ay paggamit ng puso mo. Kung tunay na magagamit ng isang tao ang puso niya, kapag may nakita ang mga mata niya na isang tao na ginagawa ang isang bagay, kumikilos sa isang paraan, o may partikular na pagtugon sa isang bagay, o kapag naririnig ng kanyang mga tainga ang mga opinyon o argumento ng ilang tao, sa paggamit ng kanyang puso para pagnilayan at pag-isipan ang mga bagay na ito, papasok sa kanyang isipan ang ilang ideya, pananaw, at saloobin. Ang mga ideya, pananaw, at saloobing ito ay bibigyan siya ng malalim, partikular, at tamang pagkaunawa sa tao o bagay na iyon, at kasabay nito, magpapausbong ito ng mga angkop at tamang paghusga at prinsipyo. Tanging kapag may mga pagpapamalas ang isang tao ng paggamit sa kanyang puso ay nangangahulugan na siya ay tapat sa kanyang tungkulin. Pero kung hindi mo isasapuso ang mga bagay-bagay, kung wala kang malasakit para dito, hindi tutugon ang mga mata mo sa anumang nakikita mo, at hindi tutugon ang mga tainga mo sa anumang naririnig mo. Hindi kailanman inoobserbahan ng mga mata mo ang mga tao, pangyayari, at bagay; hindi nito inoobserbahan ang mga impormasyon na iyong natatanggap. Sa puso mo, hindi mo kikilatisin ang iba’t ibang tinig at argumentong naririnig mo, at hindi mo rin makikilatis ang mga impormasyong naririnig mo. Para ka na ring bulag kahit nakabukas ang iyong mga mata. Kapag bulag ang puso ng isang tao, bulag din ang kanyang mga mata. Kaya, ano ang nagiging dahilan para mabuo ang mga ideya,

pananaw, at saloobin mula sa pag-oobserba sa mga bagay-bagay gamit ang mga mata at pagtanggap ng mga impormasyon gamit ang mga tainga? Nakadepende ang lahat ng ito sa pagsasapuso sa mga bagay-bagay at paghahanap sa katotohanan. Kung isinasapuso mo ang mga bagay-bagay, sa tuwing tumatanggap ka ng impormasyon, nakita man o narinig, makakabuo ka ng mga pananaw at makakapagkamit ng mas malalim na pagkaunawa sa isang tao o bagay. Pero kung hindi mo isasapuso ang mga bagay-bagay, walang halaga ang dami ng impormasyong natatanggap; kung hindi mo isasapuso ang pagkilatis dito o pag-unawa nang malinaw rito, wala kang makakamit, ikaw ay magiging walang kuwenta, at walang silbi. Ano ang tinutukoy sa isang taong walang silbi? Tumutukoy ito sa isang tao na hindi isinasapuso ang paggawa sa kanyang tungkulin—may mga mata at tainga siya, pero walang silbi ang mga ito. Ang isang tao na walang puso ay hindi magiging tapat sa kanyang tungkulin at hindi rin makakapagkamit ng isang seryoso at responsableng saloobin sa kanyang gawain.

Nagsasagawa ng pangangasiwa ang sambahayan ng Diyos sa mga lider at manggagawa sa lahat ng antas, malalim silang inoobserbahan at inuunawa, na may layong mapabuti ang gawain ng iglesia at magabayan ang mga hinirang ng Diyos tungo sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos sa lalong madaling panahon. Samakatwid, mahalaga ang pangangasiwa at pag-oobserba sa mga lider at manggagawa, at kailangang isagawa ang mga ito sa ganitong paraan. Sa pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos, kung matutuklasan na hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga lider at manggagawa, at maagap silang papakitunguhan at haharapin, nakabubuti ito sa pag-usad ng gawain ng iglesia. Ang pangangasiwa sa mga lider at manggagawa ay ang responsabilidad ng mga hinirang ng Diyos, at ganap na umaayon sa mga layunin ng Diyos ang paggawa nito. Dahil nagtataglay ng mga tiwaling disposisyon ang mga lider at manggagawa, kung hindi sila papangasiwaan, hindi lang ito makakasama sa kanila kundi direkta rin nitong maaapektuhan ang gawain ng iglesia. Sa anong mga sitwasyon hindi na kinakailangan ng mga lider at manggagawa ang pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos? Ito ay kapag ganap nang nauunawaan ng mga lider at manggagawa ang katotohanan, nakapasok sa katotohanang realidad, at kumikilos nang may mga prinsipyo, nagiging mga taong ginawang perpekto at ginamit ng Diyos. Sa gayong mga kaso, hindi na kinakailangan ang pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos, at hindi na bibigyang-diin ng sambahayan ng Diyos ang usaping ito. Gayumpaman, nakatitiyak ba na ang isang taong ginawang perpekto ng Diyos ay ganap nang malaya sa mga pagkakamali at paglihis? Hindi naman. Kaya naman, kinakailangan pa rin ang pagsisiyasat ng Diyos, gayundin ang pangangasiwa ng mga nakakaunawa sa katotohanan; ang pagsasagawang ito ay ganap na umaayon sa mga layunin ng Diyos. Dahil may mga tiwaling disposisyon ang lahat ng tao, sa pamamagitan lang ng pangangasiwa ay mahihikayat ang mga lider at manggagawa na akuin ang responsabilidad sa gawain nila at maging tapat sa mga tungkulin nila. Kung walang pangangasiwa, kikilos ang karamihan sa mga lider at manggagawa nang sadyang walang pakundangan, at magpapakita ng pabasta-bastang

pag-uugali—isa itong obhetibong katunayan. Kung isa kang lider o manggagawa, at madalas kang pinapangasiwaan at inoobserbahan ng mga kapatid sa paligid mo, sinusubukang unawain kung ikaw ba ay isang taong naghahangad sa katotohanan o hindi, mabuting bagay ito para sa iyo. Kung may matutuklasan silang problema sa iyo at magagawa mong lutasin ito sa lalong madaling panahon, makakabuti ito sa paghahangad mo sa katotohanan at sa buhay pagpasok mo. Kung matutuklasan ka nilang gumagawa ng kasamaan, at na palihim kang nagpapakita ng maraming masamang pag-uugali, at tiyak na hindi ka isang taong naghahangad sa katotohanan, ilalantad ka nila at tatanggalin ka mula sa posisyon mo, na mag-aalis ng isang salot para sa mga hinirang ng Diyos, at magbibigay-daan din sa iyo na makaiwas sa mas matinding kaparusahan: Kapaki-pakinabang ang gayong pangangasiwa para sa sinuman. At kaya naman, dapat magkaroon ng tamang tugon ang mga lider at manggagawa sa pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos. Kung isa kang taong natatakot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan, mararamdaman mo na kailangan mo ang pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos, at na mas higit pa roon, kailangan mo ang tulong nila. Kung isa kang masamang tao, at inuusig ka ng iyong konsensiya, matatakot kang mapangasiwaan at magtatangka kang iwasan ito; hindi ito maiiwasan. Samakatwid, walang duda na ang lahat ng lumalaban at tumututol sa pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos ay may itinatago, at tiyak na hindi sila matatapat na tao; walang mas higit pang natatakot sa pangangasiwa kaysa sa mga mapanlinlang na tao. Kaya, anong saloobin ang dapat panghawakan ng mga lider at manggagawa tungkol sa pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos? Dapat bang ito ay pagiging negatibo, mapagbantay, mapanlaban, at puno ng hinanakit, o dapat bang ito ay pagsunod sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, at mapagpakumbabang pagtanggap? (Mapagpakumbabang pagtanggap.) Ano ang tinutukoy ng mapagpakumbabang pagtanggap? Nangangahulugan ito ng pagtanggap sa lahat ng bagay na nagmumula sa Diyos, paghahanap sa katotohanan, paggamit ng tamang saloobin, at hindi pagiging mainitin ang ulo. Kung talagang may matutuklasang problema sa iyo ang isang tao at ipapaalam ito sa iyo, tinutulungan kang makilatis at maunawaan ito, tinutulungan kang malutas ang isyung ito, sila ay nagiging responsable para sa iyo, at nagiging responsable para sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos; ito ang nararapat na bagay na dapat gawin, at ganap itong likas at may katwiran. Kung may mga tao na ang tingin sa pangangasiwa ng iglesia ay isang bagay na nagmumula kay Satanas, at mula sa mga mapaminsalang intensyon, mga diyablo at Satanas sila. Sa gayong maladiyablong kalikasan, tiyak na hindi nila tatanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos. Kung tunay na mahal ng isang tao ang katotohanan, magkakaroon siya ng tamang pag-unawa sa pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos, magagawa niya itong ituring bilang isang bagay na ginagawa dahil sa pagmamahal, bilang isang bagay na nagmumula sa Diyos, at matatanggap niya ito mula sa Diyos. Tiyak na hindi siya magiging mainitin ang ulo o kikilos nang pabigla-bigla, at lalong hindi lilitaw sa puso niya ang paglaban, pagiging

mapagbantay, o paghihinala. Ang pinakatuwid na saloobin na gamitin para harapin ang pangangasiwa ng mga hinirang ng Diyos ay ito: Ang anumang mga salita, kilos, pangangasiwa, pag-oobserba, o pagtutuwid—maging pagpupungos—na makakatulong sa iyo, ay dapat mong tanggapin mula sa Diyos; huwag maging mainitin ang ulo. Nagmumula ang pagiging mainitin ang ulo kay Satanas, na ang masama, hindi ito mula sa Diyos, at hindi ito ang saloobin na dapat taglayin ng mga tao tungkol sa katotohanan.

Hanggang dito na lang ang idadagdag at pagbabahaginan natin tungkol sa ikapitong responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kaya, ibig bang sabihin nito ay ganap nang naibahagi ang tungkol sa responsabilidad nang wala nang anumang partikular na nilalaman na idaragdag? Hindi, ang bawat responsabilidad ay mayroon pa ring mas espesipiko at detalyadong nilalaman. Ang ibinahagi Ko ay tungkol sa mga pangkalahatang prinsipyo; ang iba pa, kung paano ipapatupad ang mga espesipikong detalye, at isasagawa at gagamitin ang mga prinsipyong ito, ay nakasalalay sa kusa ninyong pagdanas. Kung hindi pa rin ninyo malinaw na nakikilatis ang mga prinsipyong ito o alam kung paano gamitin ang mga ito, maghanap at magbahaginan kayo nang sama-sama. Kung wala pa ring mga resulta mula sa sama-samang pagbabahaginan, magtanong kayo sa mga nakakataas sa inyo. Sa madaling salita, kung may kinalaman man ito sa pakikitungo sa anumang uri ng tao o sa pagpapasya kung sino ang iaangat o gagamitin, kailangang sumunod ang lahat ng ito sa mga prinsipyo. Para sa ilang indibidwal na may talento, sa mga sitwasyon kung saan walang sinuman ang lubos na nakakakilatis o nakakaunawa sa kanila, maaari silang paunang iangat at gamitin ayon sa mga pangangailangan ng gawain ng iglesia—huwag ipagpaliban ang gawain, at huwag ipagpaliban ang paglilinang sa mga tao; ito ang susi. Nagtatanong ang ilang tao, “Paano kung pumalpak sila sa gawain matapos silang gamitin? Sino ang mananagot?” Kapag ginagamit mo ang isang tao, para ba itong inilalagay mo siya sa isang liblib na isla na walang paraan para makipag-ugnayan ang sinuman sa kanya? Hindi ba’t marami rin talagang iba sa paligid niya ang sangkot sa mga partikular na gampanin? May mga paraan para malutas ang mga usaping ito; gaya ng pangangasiwa, pag-oobserba, at pag-unawa sa kanila, at, kung pahihintulutan ng mga kondisyon, sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan. Ano ba mismo ang kalakip ng malapit na pakikipag-ugnayan? Kalakip nito ang pakikipagtulungan sa kanila; ang proseso ng paggawa ay ang proseso ng pag-unawa sa kanila. Hindi ba’t unti-unti mo silang mauunawaan sa pamamagitan ng ganitong uri ng pakikipag-ugnayan? Kung may pagkakataon kang makipag-ugnayan pero hindi mo ginagawa, at tumatawag ka lang sa telepono para magtanong ng ilang bagay at hanggang doon na lang iyon, imposible na maunawaan mo sila. Dapat kang makipag-ugnayan sa mga taong kaya mong maka-ugnayan para malutas ang mga problema. Samakatwid, hindi dapat maging tamad sa gawain nila ang mga lider at manggagawa. Kaya, kung nais mong obserbahan at maunawaan ang isang tao, paano mo ito dapat gawin? (Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanya.) Hindi ba? Ang susi ay ang isapuso ito! Ang impormasyong kaya ninyong panghawakan

sa mga isipan ninyo ay maihahalintulad sa isang unggoy na pumipitas ng mais—pumipitas habang nagpapatuloy, binibitawan ang anumang napipitas, at sa huli, isang uhay na lang ng mais ang natitira, ginagawang walang saysay ang lahat ng pagsisikap. Matapos makinig sa isang sermon, hindi ninyo matandaan ang unang nilalaman na ibinahagi; ano ang dahilan nito? (Hindi namin ito isinasapuso.) Kadalasan ay hindi kayo nakatuon sa pagsasagawa sa katotohanan, kaya hindi nakatuon ang mga puso ninyo sa mga usaping ito. Tungkol sa kung paano maunawaan ang katotohanan at makapasok sa realidad, kung paano makilala ang sarili ninyo, at kung paano matukoy ang diwa ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay gamit ang katotohanan, wala kayong anumang pagpasok; kaya, walang pundasyon ang mga usaping ito sa puso ninyo. Tungkol naman sa mga bagay na may kinalaman sa pagpasok sa katotohanang realidad, palagi kayong nalilito. Ngayon, dumadalo pa rin kayo sa mga pagtitipon bawat linggo para makinig sa mga sermon. Kung hindi kayo makikinig sa mga sermon, hindi ba't kumukupas ang kaunting pananalig sa Diyos sa mga puso ninyo, unti-unting naglalaho? Isa itong mapanganib na senyales! Kaya ba ninyo itong isapuso o hindi? Sinabi Ko na sa inyo ang lahat ng detalye; kung mayroon ka talagang puso, magagawa mo ito. Kung wala kang puso, kahit paano Ako magsalita, hindi mo ito mauunawaan. Iyan lang ang lahat para sa pagbabahaginan natin tungkol sa paksang ito.

Ikawalong Aytem: Agarang Iulat at Hanapin Kung Paano Lutasin ang mga Kalituhan at Paghihirap na Nararanasan sa Gawain (Unang Bahagi)

Dapat Agarang Tukuyin at Lutasin ng mga Lider at Manggagawa ang mga Paghihirap

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikawalong responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain." Ilalantad natin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider tungkol sa responsabilidad na ito. Agarang pag-uulat at paghahanap kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain—hindi ba't bahagi ito ng gawain at mga tungkulin ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Hindi maiiwasang maharap ang mga lider at manggagawa sa ilang masalimuot na isyu sa gawain nila, o makaranas ng mga paghihirap na lampas sa saklaw ng gawain ng iglesia, o makaranas ng mga espesyal na kaso na walang kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo, at hindi nila nababatid kung paano haharapin ang mga sitwasyong ito. O, dahil sa mahina ang kakayahan nila at sa gayon ay hindi nila maarok nang tumpak ang mga prinsipyo, hindi maiiwasang makaranas sila ng ilang kalituhan at paghihirap na mahirap lutasin. Maaaring nauugnay ang mga kalituhan at paghihirap na ito sa mga isyu ng paggamit ng mga tauhan, mga isyung may kinalaman sa gawain, mga problemang nagmumula sa panlabas na kapaligiran, mga isyung may kinalaman sa buhay pagpasok ng mga tao, mga paggambala at panggugulong dulot ng masasamang tao, pati na rin

ang mga isyu ng pagpapaalis o pagpapatalsik sa mga tao, at iba pa. Para sa lahat ng isyung ito, may mga partikular na hinihingi at regulasyon ang sambahayan ng Diyos, o may ilang pasalitang tagubilin. Higit pa sa mga partikular na regulasyong ito, may mga hindi maiiwasang espesyal na kaso na hindi nabanggit. Tungkol sa mga espesyal na kasong ito, kayang asikasuhin ng ilang lider ang mga ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, gaya ng pagprotekta sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, pagtiyak sa seguridad ng mga kapatid, at pagpapanatili sa maayos na operasyon ng gawain ng iglesia—at, higit pa rito, napakahusay nila itong ginagawa—samantalang nabibigo ang ilang lider na gawin ito. Ano ang dapat gawin sa mga problemang hindi kayang asikasuhin? Gumagawa nang naguguluhan ang ilang lider at manggagawa, hindi nila matukoy ang mga problema, at kahit na matukoy nila, hindi nila kayang lutasin ang mga ito. Nagraraos lang sila ng gawain nang hindi naghahanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas, sinasabi lang nila sa mga kapatid, “Bahala kayong lutasin ito; umasa kayo sa Diyos at bumaling sa Diyos para sa mga solusyon,” at pagkatapos ay itinuturing nilang maayos na ang lahat. Gaano man karami ang mga isyung nagpapatong-patong, hindi nila kayang lutasin ang mga ito sa sarili nila, pero hindi nila ito iniuulat paitaas o hinahanap kung paano lutasin ang mga ito, marahil ay natatakot sila na makilatis sila ng ang Itaas at mapahiya sila. Mayroon ding ilang lider at manggagawa na hindi kailanman nag-uulat ng mga problema sa ang Itaas, at hindi Ko alam kung bakit. Ang pag-uulat paitaas ay hindi naman nangangahulugang direkta sa ang Itaas; tiyak na puwede munang mag-ulat sa mga lider ng isang distrito o rehiyon. At kung hindi nila ito malulutas, puwede mong hilingin sa mga lider at manggagawa na iulat ito nang direkta sa ang Itaas. Kung hihilingin mo sa isang lider o manggagawa na iulat ang isang usapin sa ang Itaas, nililinaw ang sitwasyon, maaari ba niyang itago ito at balewalain ang usapin? Bihira ang gayong mga tao. Kahit na mayroon ngang gayong mga lider, puwede mo pa ring linawin ang usapin sa ibang mga lider at manggagawa para ilantad ang taong nagtatago sa isyu at hindi nag-uulat nito. Kung hindi pa rin iniuulat ng ibang lider at manggagawang ito ang usapin, may isa pang huling paraan: Maaari kang sumulat nang direkta sa website ng sambahayan ng Diyos para maipasa ito sa ang Itaas, nang sa gayon ay matitiyak na naiulat ang isyu sa ang Itaas. Ito ay dahil maraming beses nang nag-asikaso ang ang Itaas ng gayong mga liham noon, at pagkatapos ay direkta nilang ipinagkatiwala sa mga lider at manggagawa na pangasiwaan ang usapin. Sa katunayan, maraming paraan para maiulat ang isang isyu paitaas; madali itong isagawa, nakasalalay lang ito sa kung talagang gusto ng tao na lutasin ang problema. Kahit na hindi mo pinagkakatiwalaan ang isang partikular na lider o manggagawa, dapat ka pa ring maniwala na matuwid ang Diyos at na namamahala ang ang Itaas ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung wala kang tunay na pananalig sa Diyos, at hindi ka naniniwala na naghahari ang katotohanan sa sambahayan ng Diyos, hindi mo maisasakatuparan ang anumang bagay. Maraming tao ang hindi nauunawaan ang katotohanan; hindi sila naniniwalang naghahari ang

katotohanan sa sambahayan ng Diyos, at wala silang may-takot-sa-Diyos na puso. Lagi nilang iniisip na pinagtatakpan ng lahat ng opisyal sa mundo ang isa't isa, at akala nila na ganoon din sa sambahayan ng Diyos. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ang katotohanan at ang katuwiran. Kaya, ang ganitong tao ay maaaring tawagin na hindi mananampalataya. Gayumpaman, may isang minorya ng mga tao na nakapag-uulat ng mga aktuwal na problema. Ang mga ganitong tao ay maaaring tawagin na mga taong nagpoprotekta sa mga interes ng sambahayan ng Diyos; sila ay mga responsableng tao. Hindi lamang nabibigo ang ilang lider at manggagawa na lutasin ang malalalang problema kapag nakikita nila ang mga ito; hindi rin nila iniuulat ang mga ito paitaas. Nararamdaman lamang nila ang kalubhaan ng isyu kapag iniimbestigahan na ito ng ang Itaas. Inaantala nito ang mga bagay-bagay. Samakatwid, hindi mahalaga kung ikaw ba ay isang ordinaryong kapatid, o isang lider o isang manggagawa, sa tuwing may kinakaharap kang isang isyu na hindi mo malutas at tumutukoy sa mas malalaking prinsipyo ng gawain, dapat mo itong iulat paitaas at dapat kang maghanap ng solusyon sa tamang oras. Kung nahaharap ka sa mga kalituhan o paghihirap subalit hindi nilulutas ang mga ito, hindi makakausad ang ilang gawain; kakailanganin itong isantabi at itigil. Maaapektuhan nito ang pag-usad ng gawain ng iglesia. Samakatwid, kapag lumitaw ang gayong mga problema na direktang makakaapekto sa pag-usad ng gawain, dapat tuklasin ang mga ito at lutasin sa tamang oras. Kung hindi madaling lutasin ang isang problema, dapat kang humanap ng mga tao na nakakaunawa sa katotohanan at mga taong may kadalubhasaan sa larangan, makipagtalakayan ka sa kanila at imbestigahan at lutasin ang problema nang magkakasama. Ang ganitong uri ng mga problema ay hindi maaaring patagalin! Bawat araw na pinapatagal mo sa paglutas ng mga ito ay isang araw na pagkaantala sa pag-usad ng gawain. Hindi ito paghahadlang sa mga gawain ng iisang tao; naaapektuhan nito ang gawain ng iglesia, gayundin kung paano ginagawa ng mga taong hinirang ng Diyos ang kanilang mga tungkulin. Kaya, kapag nahaharap ka sa ganitong uri ng kalituhan o paghihirap, dapat agaran itong malutas, hindi ito puwedeng ipagpaliban. Kung talagang hindi mo ito malutas, agad mo itong iulat sa ang Itaas. Direkta silang lalapit para lutasin ito, o sasabihin sa iyo ang landas. Kung hindi kayang pangasiwaan ng isang lider o manggagawa ang ganitong uri ng mga problema, at pinababayaan ang problema sa halip na iulat ito sa ang Itaas at hingin ang solusyon mula rito, kung gayon, ang mga ganoong lider ay bulag; sila ay talagang mangmang, at wala silang silbi. Dapat silang tanggalin at alisin mula sa kanilang posisyon. Kung hindi sila maaalis sa kanilang posisyon, hindi makasusulong ang gawain ng iglesia; mawawasak ito sa kanilang mga kamay. Kaya, dapat agad itong mapangasiwaan.

Ang gawain ng paggawa ng pelikula ay isa ring mahalagang aytem ng gawain para sa sambahayan ng Diyos. Madalas na nakakaranas ng problema ang mga pangkat ng mga gumagawa ng pelikula kung saan may mga hindi pagkakasundo ang lahat tungkol sa iskrip. Halimbawa, naniniwala ang direktor na naiiba o lumilihis ang iskrip mula sa tunay na buhay at magiging hindi makatotohanan kapag isinapelikula, kaya, gusto

niyang baguhin ito. Gayumpaman, mariing hindi sumasang-ayon ang iskriprayter, na naniniwalang makatwiran ang pagkakasulat ng iskrip, at iginigiit na dapat kunan ng direktor ang pelikula ayon sa iskrip. May sarili ring mga pagtutol ang mga aktor, hindi sila sumasang-ayon kapwa sa iskriprayter at sa direktor. Sinasabi ng isang aktor, “Kung ipipilit ng direktor na ganoon ang paraan ng pagkuha sa pelikula, hindi ako aarte!” Sinasabi naman ng iskriprayter, “Kung babaguhin ng direktor ang iskrip, kayong lahat ang mananagot kapag nagkaroon ng anumang mga problema!” Sinasabi ng direktor, “Kung susundin ko ang iskrip sa pagkuha ng pelikula at magkakaroon ng mga pagkakamali, ako ang papanagutin ng sambahayan ng Diyos. Kung gusto mong kunan ko ang pelikula, dapat itong gawin batay sa sarili kong pag-iisip; kung hindi, hindi ko ito gagawin.” Ngayon, talagang hindi nagkakasundo ang tatlong panig, tama? Malinaw na hindi makapagpapatuloy ang gawain. Hindi ba ito isang kalituhang lumitaw? Kaya, sino ba talaga ang tama? May sariling mga teorya ang lahat sa kanila, sarili nilang mga argumento, at walang handang makipagkompromiso. Kung ganitong hindi nagkakasundo ang tatlong panig, ano ang napipinsala? (Ang gawain ng sambahayan ng Diyos.) Nahahadlangan at napipinsala ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Nakaramdam ba kayo ng pagkabalisa at pag-aalala nang maharap kayo sa gayong mga sitwasyon? Kung hindi, pinapatunayan nito na hindi ninyo talaga ito isinapuso. Kapag lumilitaw ang gayong mga kalituhan at hindi pagkakasundo, nagiging sobrang balisa ang ilang tao na hindi sila makakain o makatulog, iniisip na, “Ano ba ang dapat gawin? Walang patutunguhan ang pakikipagtalo at hindi pagbibigay-daan tulad nito. Hindi ba’t naaapektuhan nito ang pag-usad ng paggawa ng pelikula? Naantala na ito nang ilang araw at hindi na ito puwedeng ipagpaliban pa. Paano natin malulutas ang problemang ito para matiyak na magiging maayos ang pagkuha ng pelikula at hindi maaantala ang gawain? Kanino tayo dapat lumapit para malutas ang isyung ito?” Kung mayroon kang puso, dapat kang maghanap ng mga solusyon mula sa mga lider, at kung hindi ito malutas ng mga lider, dapat mo itong iulat kaagad sa ang Itaas. Kung tunay mong isinasaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, dapat mong gawin ang lahat ng makakaya mo para malutas ang problema sa lalong madaling panahon; ito ang pinakamahalagang bagay. At kung hindi ka nag-aalala? Maaari mong pagbulayan ito, iniisip na, “Sila ang mali. Paninindigan ko ang pananaw ko—duda akong may magagawa silang anuman sa akin. Kakain at saka iidlip muna ako sandali, wala namang gagawin sa hapon.” Bumibigat ang mga binti mo, nahihilo ka, nawawalan ng sigla ang puso mo, at nagiging matamlay ka. May nakatambak na mga problema, pero hindi mo inaasikaso ang mga ito at matamlay ka, kaya walang paraan para malutas ang problema. Bakit wala? Dahil wala kang pangganyak at pagnanais na lutasin ito, kaya hindi ka makaisip ng solusyon. Iniisip mo sa sarili mo: “Hindi naman madalas na lumilitaw ang mga paghihirap at napapahinto ang gawain. Gagamitin ko ang pagkakataong ito para magpahinga nang ilang araw at magpahingalay nang kaunti. Bakit kailangang labis na magpakapagod palagi? Kung magpapahinga ako ngayon, walang masasabi tungkol dito ang sinuman. Tutal, hindi naman ako nagpapakatamad o nagpapaka-iresponsable

sa gawain ko. Gusto kong maging responsable, pero may nakahadlang sa amin na paghihirap—sino ang lulutas nito? Paano makukunan ang pelikula kung hindi malulutas ang paghihirap na ito? Kung may mga paghihirap na pumipigil sa amin na kunan ang pelikula, hindi ba't dapat magpahinga na lang muna kami?" Sa gayong malaking isyu sa harap mo, ano ang magiging mga kahihinatnan kung hindi ito agarang malulutas? Kung patuloy na lilitaw ang mga problema at walang malulutas, patuloy pa bang makakausad ang gawain? Magdudulot ito ng mga malubhang pagkaantala. Puwede lang sumulong, hindi umatras, ang pag-usad ng gawain, kaya sa pagkaalam na naghahatid ng mga paghihirap ang problemang ito, hindi ka na dapat magpaliban pa lalo; kailangan mo itong lutasin kaagad. Sa sandaling malutas ang problemang ito, magmadali kang lutasin ang susunod na lilitaw, na sinisikap na huwag mag-aksaya ng oras para makausad nang maayos ang gawain at matapos ito sa itinakdang oras. Ano ang tingin mo rito? (Mabuti ito.) Humaharap ang mga taong may puso sa mga kalituhan at paghihirap nang may ganitong saloobin. Hindi sila nag-aaksaya ng oras, hindi gumagawa ng mga dahilan para sa sarili nila, at hindi nag-iimbot ng mga kaginhawahan ng laman. Sa kabilang banda, sasamantalahin ng mga taong walang puso ang mga butas; gagawa sila ng mga dahilan at maghahanap ng mga pagkakataon para makapagpahinga, ginagawa ang lahat ng bagay nang mabagal at nang walang nararamdamang pag-aapura o pagkabalisa, walang anumang pagpapasya na magtiis ng paghihirap o magbayad ng halaga. At pagkatapos ay ano ang mangyayari sa dulo? Kapag nahaharap sa kalituhan o suliranin, hindi sila nagkakasundo sa loob ng maraming araw. Hindi rin iniuulat ng mga direktor, aktor, ni ng iskriprayter ang isyu. Samantala, ang mga lider ay bulag at hindi nila makilala na isa itong problema; kahit pa nakikilala nila ito bilang isang problema pero hindi nila ito kayang lutasin sa sarili nila, hindi nila ito iniuulat paitaas. Sa sandaling maiulat ito sa bawat antas hanggang sa ang Itaas, sampung araw o kalahating buwan na ang lumipas. Ano ang ginawa sa loob ng sampung araw o kalahating buwang ito? Mayroon bang mga gumagampan ng kanilang tungkulin? Wala, nagpapalipas lang sila ng oras sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya! Hindi ba't palamunin lang sila? Ang lahat ng superbisor na iyon na hindi makahanap ng mga agarang solusyon sa mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain nila ay palamunin lang, nagpapalipas ng mga araw nang walang layunin. Ang gayong mga tao ay kilala bilang "mga tamad." Bakit "mga tamad"? Dahil hindi hinaharap ng mga taong ito ang mga tungkulin nila nang may saloobin ng pagiging seryoso, responsable, mahigpit, o positibo, kundi sa halip, sila ay pabasta-basta, negatibo, at tamad, umaasa lang na magkaroon ng paghihirap o hindi pagkakasundo para magkaroon sila ng dahilan na huminto at tumigil sa paggawa.

Hindi lang dapat agarang lutasin ng mga lider at manggagawa ang mga kalituhan at paghihirap na nakakaharap sa gawain, kundi dapat din nilang agarang suriin at tukuyin ang mga isyung ito. Bakit dapat itong gawin? Iisa lang ang layon nito: ang pangalagaan ang gawain ng Diyos at ang gawain ng sambahayan ng Diyos, tinitiyak na umuusad nang maayos ang bawat aytem ng gawain at matagumpay itong natatapos sa loob ng

normal na nakatakdang iskedyul. Upang matiyak na umuusad nang maayos ang gawain, anong mga isyu ang kailangang lutasin? Una, mahalagang tuluyan na paalisin ang anumang balakid o hadlang na gumugulo sa gawain ng iglesia, na higpitan ang mga hindi mananampalataya at masasamang tao para pigilan silang magdulot ng problema. Dagdag pa rito, dapat gabayan ang mga superbisor ng bawat aytem ng gawain at ang mga kapatid para maunawaan nila ang katotohanan at makahanap sila ng landas ng pagsasagawa, para matuto silang makipagtulungan nang maayos at mangasiwa sa isa't isa. Sa ganitong paraan lang masisiguro ang pagkakatapos sa gawain. Anuman ang mga paghihirap o kalituhang nararanasan, kung hindi kayang lutasin ng mga lider at superbisor ang mga ito, dapat agad nilang iulat ang mga isyu sa ang Itaas at agad silang maghanap ng mga solusyon. Anuman ang gawain nila, dapat unahin ng mga lider at superbisor ang paglutas ng mga problema, pagtugon kapwa sa mga teknikal na problema at mga isyu ng prinsipyo na may kaugnayan sa gawain, pati na rin ang iba't ibang paghihirap na nararanasan ng mga tao sa buhay pagpasok nila. Kung hindi mo kayang lutasin ang mga kalituhan at paghihirap, hindi mo magagawa nang maayos ang gawain mo. Samakatwid, kapag nahaharap ka sa mga kakaibang paghihirap o kalituhang hindi mo kayang lutasin, dapat mong agarang iulat ang mga ito sa ang Itaas. Huwag kang mag-aksaya ng oras, dahil ang pagkaantala ng tatlo hanggang limang araw ay makakapagdulot ng mga kawalan sa gawain, at kung maaantala ito nang kalahati o isang buwan, magiging masyado nang malaki ang mga kawalan. Dagdag pa rito, anuman ang isyu, dapat itong harapin batay sa mga katotohanang prinsipyo. Anuman ang mangyari, huwag gamitin kailanman ang mga pilosopiya ng tao para sa mga makamundong pakikitungo para lutasin ang mga problema. Huwag gawing maliit ang mga seryosong isyu, at pagkatapos ay balewalain na lang ang maliliit na isyu, o basta lang na pagalitan ang parehong panig na sangkot sa mga isyu at saka pakalmahin sila gamit ang isang kaaya-ayang bagay, palaging pinipiling makipagkasundo at manghikayat sa kanila, natatakot sa paglaki ng mga isyu. Dahil dito, hindi nalulutas ang pinakaugat na mga problema, kaya may mga isyung nagtatagal. Hindi ba't pinagagaan lang nila ang mga isyu nang hindi talaga nilulutas ang mga ito? Kung sa tingin mo ay nagamit mo na ang lahat ng solusyon ng tao para sa isang problema at tunay ngang hindi ito malulutas, at talagang hindi mo mahanap ang mga prinsipyo para sa mga teknikal na isyu sa loob ng gawain, dapat na mabilis mong iulat ang mga isyung ito sa ang Itaas at maghanap ka ng mga solusyon nang hindi naghihintay o nagpapaliban. Ang anumang problema na hindi malutas ay dapat na agarang iulat sa ang Itaas para makahanap ng solusyon. Ano ang tingin mo sa prinsipyong ito? (Mabuti ito.)

Madalas bang hindi nagkakasundo sa mga isyu sa pagkuha ng pelikula ang mga pangkat ng mga gumagawa ng pelikula at pangkat ng mga iskriprayter? May sariling pangangatwiran ang bawat isa, at hindi nila magawang magkaisa ng pasya, palaging nagpapalitan ng salita. Kaya bang lutasin ng mga lider ang mga isyung ito kapag lumitaw ang mga ito? (Minsan kaya nila.) Nakaranas na ba kayo ng isang sitwasyon kung saan

nilutas ng isang lider ang ilang problema sa pamamagitan ng pagbabahaginan, at ganap itong makatwiran at matatag sa teorya kung papakinggan, pero hindi pa rin kayo sigurado kung alinsunod ito sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos o sa mga katotohanang prinsipyo? (Oo.) Paano ninyo hinarap ang gayong mga sitwasyon? (Humihingi kami ng tulong minsan sa ang Itaas.) Iyan ang tamang pagharap. Nakaranas na ba kayo ng sitwasyon kung saan nagpasya kayong hindi magtanong tungkol sa isang isyu dahil nakita ninyong masyadong abala ang Itaas na Brother, at inakala ninyo na ayos lang ito basta't tama naman sa teorya ang usapin, at kaya nagpasya kayong ituloy muna ang pagkuha sa pelikula na hindi alintana kung sumusunod ito sa katotohanan o hindi? (Nagkaroon kami ng mga seryosong isyu sa ganitong bagay noon. Dahil dito, kinailangan naming gawing muli ang mga bagay-bagay at nagdulot ito ng mga paggambala at panggugulo sa gawain.) Malubha ang sitwasyong iyon! Marami sa mga problemang nararanasan ng mga pangkat ng mga gumagawa ng pelikula ang talagang responsabilidad ng pangkat ng mga iskriprayter sa huli. Halimbawa, kung naging paligoy-ligoy lang ang kuwento ng pelikula sa loob ng dalawa't kalahating oras, ang mga iskriprayter ang pangunahing responsable rito. Ngunit paano naman ang responsabilidad ng mga direktor? Kung paligoy-ligoy ang iskrip, dapat bang makita ito ng mga direktor? Sa teorya, dapat makita nila ito. Subalit, maaari pa ring gumugol ang mga direktor ng ilang buwan at gumamit ng maraming lakas-tao, mga materyal na mapagkukunan, at pananalapi para tapusin ang paggawa ng pelikula sa ilalim ng gayong mga sitwasyon. Anong uri ng problema ito? Bilang mga direktor, ano ang responsabilidad ninyo? Pagkatanggap ng isang script, dapat ninyong isipin, "Mahaba at napakarami ng nilalaman ng iskrip na ito, pero wala itong buod, isang tema; walang kaluluwa ang buong istruktura nito. Hindi puwedeng kunan ang pelikula ng iskrip na ito; dapat itong isauli sa mga iskriprayter para rebisahin nila." Kaya ba ninyong gawin ito? Nakapagsauli na ba kayo ng isang iskrip? (Hindi pa.) Ito ba ay dahil hindi ninyo makita ang mga isyu, o dahil natatakot kayong isauli ito? O natatakot ba kayo na may manghusga sa inyo, sasabihing, "Ibinigay nila sa iyo itong natapos na iskrip at tinanggihan mo ito sa isang salita lang, ibinabalik mo ito—masyado kang mayabang, hindi ba?" Ano ba talaga ang kinatatakutan ninyo? Nakikita ninyo ang problema, kaya bakit hindi ninyo ibalik ang iskrip sa mga iskriprayter? (Hindi kami responsable sa gawain namin ng paggawa ng pelikula.) Para sa mga pangkat ng mga gumagawa ng pelikula, bukod sa mga lider ng iglesia, dapat kumilos ang mga direktor bilang mga superbisor, bilang ang mga nagdedesisyon at may huling salita. Dahil ikaw ang direktor, dapat mong akuin ang buong responsabilidad para sa usaping ito, isinasagawa ang wastong pagsusuri tungkol sa iskrip mula sa sandaling matanggap mo ito. Sabihin nating nakatanggap ka ng iskrip at sinuri mo ito mula umpisa hanggang dulo, at nakita mong talagang maganda ang nilalaman nito. Mayroon itong buod at tema, umiikot ang kuwento sa pangunahing linya ng kuwento, at lumalabas na walang malalaking isyu ang buong iskrip—mukha itong maganda, karapat-dapat kunan ng pelikula, at kaya naman,

puwedeng tanggapin ang iskrip. Gayumpaman, kung mahaba ang iskrip, nagsasalaysay ng kuwento ng isang tao mula simula hanggang dulo nang walang pokus o kapansin-pansing tema, iniiwang hindi malinaw kung ano ang nilalayong ipahayag ng iskrip, kung ano ang nilalayon nitong makamit sa mga manonood, o kung ano ang pangunahing ideya at espirituwal na kahulugan nito—isa lang itong paligoy-ligoy at magulong iskrip—matatanggap ba ang ganitong iskrip? Ano ang dapat gawin ng mga direktor sa gayong sitwasyon? Dapat nilang isauli ang iskrip at magsuhestiyon sila para sa pagrerebisa ng mga iskriprayter. Maaaring magreklamo ang mga tao mula sa pangkat ng mga iskriprayter, sinasabing, “Hindi patas ito! Sino sila para suriin ang iskrip na isinulat namin? Bakit sila ang nagpapasya? Dapat tratuhin ng sambahayan ng Diyos ang mga tao nang patas at makatwiran!” Ano ang dapat gawin kung gayon? Kung matutukoy ng mga direktor ang mga isyu sa iskrip, hindi sila dapat magmadaling magdesisyon kundi dapat makipagbahaginan muna sila sa mga lider ng iglesia at mga miyembro ng pangkat ng mga gumagawa ng pelikula tungkol sa usapin. Kung nagkakaisa ang lahat sa palagay nila na hindi pasok sa pamantayan ang isang iskrip batay sa mga nakaraang taon nila ng karanasan sa paggawa ng pelikula at sa pagkaunawa sa mga iskrip, at naniniwala sila na kung isasapelikula ito ay hindi lang nito maaantala ang gawain ng paggawa ng pelikula kundi maaaksaya rin ang lahat ng tao, materyal, at pinansyal na mapagkukunan, at walang sinuman ang kayang pumasan ng gayong responsabilidad, dapat isauli ang iskrip na ito. Hindi talaga dapat isapelikula ang isang paligoy-ligoy na iskrip; ito ay isang prinsipyo. Kung pare-pareho ang nararamdaman ng lahat tungkol sa iskrip, kailangang tanggapin ito ng mga iskriprayter nang walang kondisyon at irebisa ang iskrip ayon sa mga suhestiyon mula sa pangkat ng mga gumagawa ng pelikula. Kung mayroon pa ring mga hindi pagkakasundo, puwedeng sama-samang makipagdebate ang mga miyembro at lider ng magkabilang panig para makita kung kaninong mga argumento ang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung mauuwi sa tabla ang magkabilang panig at walang mararating na kongklusyon, dapat gamitin ang huling paraan, at ito ang ikawalong responsabilidad ng mga lider at manggagawa na pinagbahaginan ngayon: “Agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain.” Ang mga isyung hindi umuusad at hindi kayang lutasin ay tinatawag na mga kalituhan at paghihirap. Iniisip ng bawat panig na tama ang pangangatwiran nila, at walang nakakagawa ng desisyon. Nagpapagulo sa isyu ang ganitong palitan ng opinyon, nagpapalabo sa pang-unawa ng lahat tungkol sa buong detalye ng isyu at sa direksyong dapat tahakin. Sa puntong ito, dapat akuin ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad nilang agarang mag-ulat at maghanap ng mga solusyon sa mga isyu at kalituhang ito na lumilitaw sa gawain, nagsisikap na agarang malutas ang mga ito para hindi mahadlangan ang pag-usad ng gawain, at higit pa rito, para hindi na lalo pang dumami ang mga ito. Ang agarang pag-uulat at paghahanap kung paano lutasin ang mga isyung ito—hindi ba ito paggawa ng gawain? Hindi ba ito pagpapakita ng isang seryoso at responsableng saloobin sa gawain? Hindi ba

ito pagsasapuso sa paggampan ng tungkulin? Hindi ba ito pagiging tapat? (Oo.) Pagkakaroon ito ng katapatan sa tungkulin.

Dapat na agarang mapansin at malutas ng mga lider at manggagawang nangangasiwa ng gawain ang anumang problemang lumilitaw sa gawain, sapagkat tanging sa paggawa nito ay matitiyak ang maayos na pag-usad ng gawain. Ang lahat ng lider at manggagawa na hindi kayang lumutas ng mga problema ay walang katotohanang realidad at mga huwad na lider at manggagawa. Ang sinumang nakakatuklas ng mga isyu pero nabibigong lutasin ang mga ito, sa halip ay iniiwasan o pinagtatakpan niya ang mga ito, ay isang walang kuwentang tao na sumisira lang sa gawain. Kailangang malutas ang mga isyung pinagtatalunan sa pamamagitan ng pagbabahaginan at debate. Kung hindi nagbubunga ng mga wastong resulta ang mga ito pero sa halip ay lalo pang pinapalabo ang sitwasyon, dapat ay personal na mangasiwa ang pangunahing lider sa pagharap sa usapin, agarang nagmumungkahi ng mga solusyon at pamamaraan habang agaran din na nagmamasid, umuunawa, at naghuhusga para makita kung ano ang magiging kalalabasan ng sitwasyon. Kapag nagpapatuloy pa rin ang hindi pagkakasundo tungkol sa isang problema at walang desisyong naaabot, dapat maiulat kaagad ang isyu sa ang Itaas para makahanap ng solusyon, sa halip na pagaanin lang ang isyu, naghihintay, o nagpapaliban, at lalong sa halip na balewalain lang ang isyu. Ganito ba ginagawa ng mga kasalukuyan ninyong lider at manggagawa ang gawain? Dapat agaran nilang sinusubaybayan at isinusulong ang pag-usad ng gawain, at kasabay nito ay tinutukoy nila ang iba't ibang alitang lumilitaw sa gawain habang hindi kinakaligtaan ang iba't ibang maliit na isyu. Kapag natukoy ang malalaking problema, dapat naroon ang mga pangunahing lider at manggagawa para sumali sa paglutas sa mga ito, tumpak na inuunawa ang buong detalye ng isyu, ang dahilan kung bakit lumitaw ang problema, at ang mga perspektiba ng mga kasangkot, upang tumpak na maarok kung ano talaga ang nangyayari. Kasabay nito, dapat silang sumali sa pagbabahaginan, pakikipagdebate, at maging sa pakikipagtalo tungkol sa mga isyung ito. Kinakailangan ito; napakahalaga ng pakikilahok, dahil nakakatulong ito sa iyo na gumawa ng mga paghuhusga at lumutas sa mga problema na lumilitaw sa gawain. Kung makikinig ka lang nang walang pakikilahok, palaging nakatayo sa gilid nang nakahalukipkip at umaasta na parang isang taong nakikiupo sa isang klase, iniisip na walang kinalaman sa iyo ang anumang problemang lumilitaw sa gawain at wala kang anumang partikular na pananaw o saloobin tungkol sa usapin, malinaw na isa kang huwad na lider. Kapag nakikilahok ka, detalyado mong malalaman kung ano talaga ang mga problemang lumitaw sa gawain, kung ano ang sanhi ng mga ito, kung sino ang responsable, kung saan nakapaloob ang pangunahing isyu, at kung dahil ba ito sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao o sa kakulangan nila ng teknikal at propesyonal na kaalaman—lahat ng ito ay dapat na linawin para mapangasiwaan at masolusyunan nang patas ang mga problema. Kapag nakikilahok ka sa gawaing ito at natuklasan mo na ang mga problema ay hindi likha ng tao o sadyang ginawa ng sinuman, pero nahihirapan kang tukuyin ang diwa ng isyu at

hindi mo alam kung paano lutasin ito, sapagkat matagal nang nagtatalo tungkol dito ang magkabilang panig, o kapag inilaan na ng lahat ang puso at pagsisikap nila sa isang problema pero hindi pa rin nila ito malutas, at hindi sila makahanap ng mga prinsipyo o makahanap ng isang direksyon, na nagdudulot ng paghinto sa gawain, at natatakot din sila na magdudulot ng mas maraming pagkakamali, pagkagambala, at negatibong kahihinatnan kung magpapatuloy sila, kung gayon, ano ang dapat mong gawin? Ang nararapat na pinakahigit na gawin ng mga lider at manggagawa ay hindi ang magtalakay ng mga hakbangin o solusyon kasama ang lahat, kundi sa halip, dapat nilang iulat ang isyu sa ang Itaas sa lalong madaling panahon. Dapat ibuod at itala ng mga lider at manggagawa ang mga problema sa gawain at agarang iulat ang mga ito sa ang Itaas nang hindi nagpapaliban, naghihintay, o nagkikimkim ng pag-iisip na umaasa sa suwerte, iniisip na baka ang isang gabi ng tulog ay maghahatid ng inspirasyon o biglaang kalinawan—isang bihirang kaganapan na malamang ay hindi mangyayari. Kaya, ang pinakamainam na solusyon ay ang agarang iulat sa ang Itaas ang isyu at humanap ng solusyon sa lalong madaling panahon, tinitiyak na ang isyu ay nalulutas kaagad at sa lalong madaling panahon; ito ay tunay na paggampan ng gawain.

Mga Kalituhan at Paghihirap na Madalas na Nararanasan ng mga Lider at Manggagawa sa Kanilang Gawain

I. Mga Kalituhan

Batay sa nilalaman na katatalakay pa lang natin, ibuod natin kung ano mismo ang ibig sabihin ng “mga kalituhan” at “mga paghihirap.” Hindi magkapareho ang dalawang ito. Una, ipapaliwanag Ko ang terminong “kalituhan.” Ang kalituhan ay kapag hindi mo makilatis ang isang usapin; hindi mo alam kung paano humusga o kumilatis nang naaayon sa mga prinsipyo o nang tumpak. Kahit na medyo nakikilatis mo ito, hindi ka sigurado kung tama ba ang iyong pananaw, hindi mo alam kung paano pangasiwaan o lutasin ang usapin, at mahirap para sa iyo na makabuo ng kongklusyon tungkol dito. Sa madaling salita, hindi ka nakakasiguro tungkol dito at hindi ka makapagdesisyon. Kung hindi mo nauunawaan kahit kaunti ang katotohanan at walang ibang nakakalutas ng problema, ito ay nagiging isang problemang hindi kayang lutasin. Hindi ba’t ito ay pagharap sa isang mahirap na hamon? Kapag nahaharap sa mga gayong problema, dapat na iulat ito sa ang Itaas ng mga lider at manggagawa at dapat silang maghanap mula sa ang Itaas upang mas mabilis na malutas ang mga isyu. Madalas ba kayong maharap sa mga kalituhan? (Oo.) Problema na mismo ang regular na pagkakaharap sa mga kalituhan. Sabihin nating nahaharap ka sa isang isyu at hindi mo alam ang tamang paraan para harapin ito. May isang tao na nagmumungkahi ng solusyon na sa tingin mo ay makatwiran, samantalang may isa pang tao na nagmumungkahi ng ibang solusyon na sa tingin mo ay makatwiran din, at kung hindi mo malinaw na makita kung alin ang mas angkop na solusyon, dahil iba-iba ang opinyon ng lahat at walang nakakaarok sa

ugat o diwa ng problema, siguradong magkakaroon ng pagkakamali sa pagresolba ng isyu. Kaya, upang maresolba ang isang problema, napakahalaga at napakaimportante na matukoy ang ugat at diwa nito. Kung hindi mapagkilatis ang mga lider at manggagawa, kung hindi nila naaarok ang diwa ng problema, at hindi sila makabuo ng tamang kongklusyon, dapat agaran nilang iulat ang isyu sa ang Itaas at humingi ng solusyon; ito ay kinakailangan at hindi labis na reaksyon. Ang mga hindi nalutas na problema ay maaaring magdulot ng malulubhang kahihinatnan at makaaapekto sa gawain ng iglesia—dapat na lubos itong maunawaan. Kung puno ka ng pangamba, laging natatakot na baka makilatis ng ang Itaas ang tunay mong kakayahan, o na baka iayos nila ang iyong tungkulin o tanggalin ka kapag nakilatis nila na hindi mo kayang gumawa ng tunay na gawain, at kaya hindi ka naglalakas-loob na iulat ang isyu, madali itong makaaantala sa mga usapin. Kung nakakaranas ka ng mga kalituhan na hindi mo kayang lutasin nang mag-isa, pero hindi mo ito inuulat sa ang Itaas, kapag nagdulot ito ng malulubhang kahihinatnan at pananagutin ka ng ang Itaas, mahaharap ka sa malaking gulo. Hindi ba't sarili mo lang ang dapat mong sisihin dito? Kapag naharap sa mga gayong kalituhan, kung ang mga lider at manggagawa ay hindi responsable at nagsasabi lang ng ilang doktrina at gumagamit ng ilang regulasyon para pabasta-bastang ayusin ang isyu, mananatiling hindi nalulutas ang isyu at walang pag-usad ang mga bagay-bagay, hindi nakakausad ang gawain. Ito mismo ang nangyayari kapag hindi nalulutas ang mga kalituhan; madali itong nagdudulot ng mga pagkaantala.

Kapag lumilitaw ang mga kalituhan, may ilang lider at manggagawa na nakakaramdam na may nangyaring problema, samantalang ang ibang lider at manggagawa naman ay hindi magawang tukuyin ang isyu—may lubhang mahinang kakayahan, manhid, at mapurol ang isip ng mga nasa pangalawang grupo; wala silang kakayahang makaramdam sa anumang problema. Kahit gaano kalaki ang kalituhang lumilitaw, ang ipinapakita nila ay pagiging manhid at mapurol ang isip; binabalewala nila ang isyu at sinusubukang iwasan ang problema—ito ay hindi pakikibahagi ng mga huwad na lider sa tunay na gawain. Iyong mga lider at manggagawa na may sapat na kakayahan at kapabilidad sa gawain ay nakakapagtanto kapag lumilitaw ang mga gayong sitwasyon: "Isa itong problema. Kailangan kong itala ito. Hindi pa kailanman binanggit ng ang Itaas ang ganitong uri ng isyu dati, at ito ang unang pagkakataon na maharap kami sa ganito, kaya ano nga ba mismo ang mga prinsipyo sa pangangasiwa sa ganitong uri ng sitwasyon? Paano dapat lutasin ang ganitong partikular na isyu? Para bang mayroon akong kutob pero hindi ito malinaw, at mayroon akong kaunting saloobin ukol sa gayong mga usapin, pero hindi sapat ang bastang may saloobin lang; mahalagang hanapin ang katotohanan para malutas ang problema. Kailangan nating ilabas ang usaping ito para mapagbahaginan at mapagtalakayan ng lahat." Pagkatapos ng ilang panahon ng pagbabahaginan at talakayan, kung hindi pa rin nila alam kung paano magpatuloy, nang walang tumpak na plano ng pagsasagawa para lutasin ang isyu, at nagpapatuloy pa rin ang kalituhan, kung gayon, kailangan nilang maghanap ng solusyon mula sa ang Itaas. Sa puntong ito,

responsabilidad ng mga lider at manggagawa na itala ang mga parteng nakakalito tungkol sa problema, upang pagdating ng panahon, malinaw nilang maipapaliwanag kung ano mismo ang problema sa kalituhan at kung ano mismo ang hinahanap. Ito ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa.

II. Mga Paghihirap

A. Ano ang mga Paghihirap

Sunod, tingnan natin ang terminong “mga paghihirap.” Mula sa literal na perspektiba, mas matindi ang mga paghihirap kaysa sa mga kalituhan. Kaya, ano ba mismo ang tinutukoy ng mga paghihirap? May makakapagpaliwanag ba? (Diyos, ang pagkaunawa namin ay na ang mga paghihirap ay ang mga aktuwal na problemang nararanasan, na kung saan sinubukan nang lutasin ng isa pero hindi pa rin ito malutas; ang mga ito ang itinuturing na mga paghihirap.) (Dagdag pa rito, minsan ay maaaring makaranas ang ilan ng mga napakahirap na problema na hindi pa nararanasan noon, kung saan ang lahat ay walang karanasan, lubusang nalilito, at walang mga opinyon o ideya—ang mga ito ay isang uri ng mga napakamapanghamong problema.) Ang mga napakamapanghamong problema ay tinatawag na mga paghihirap, tama ba? Ang pinakasimple, pinakadirektang paliwanag sa mga paghihirap ay na ang mga ito ay mga problemang aktuwal na umiiral. Halimbawa, ang kakayahan ng isang tao, mga propesyonal na kasanayan, pisikal na karamdaman, pati na ang mga isyung pangkapaligiran at pampanahon, at iba pa, ang mga aktuwal na umiiral na problemang ito ay tinatawag na mga paghihirap. Gayumpaman, ang ikawalong responsabilidad ng mga lider at manggagawa na pinagbabahaginan natin ngayon ay na dapat nilang agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain. Ang mga paghihirap na tinutukoy rito ay hindi iyong mga malawakang tinutukoy na mga problemang aktuwal na umiiral, kundi mga partikular na masalimuot na isyung nararanasan sa gawain na hindi kayang pangasiwaan. Anong klaseng mga problema ang mga ito? Ang mga ito ay mga panlabas na usapin na hindi partikular na nauugnay sa mga katotohanang prinsipyo. Bagama’t hindi kaugnay sa mga katotohanang prinsipyo ang mga isyung ito, mas mahirap ang mga ito kaysa sa mga karaniwang problema. Paanong mas mahirap ang mga ito? Halimbawa, may kinalaman ang mga ito sa mga legal at pampamahalaang regulasyon, o nauukol sa seguridad ng ilang tao sa loob ng iglesia, at iba pa. Ang mga ito ay pawang mga paghihirap na nararanasan ng mga lider at manggagawa sa gawain nila. Halimbawa, sa pananampalataya sa Diyos sa ibang bansa, kahit saang bansa man manirahan ang isang tao, ang lahat ng gawain ng iglesia at mga sitwasyon ng pamumuhay ng mga kapatid ay kailangang sumunod sa mga regulasyon ng lokal na pamahalaan at nangangailangan ng pagkaunawa sa mga lokal na batas at patakaran. May kinalaman ang mga usaping ito sa pakikipag-ugnayan sa mundo sa labas at pakikitungo sa mga panlabas na usapin; medyo mas komplikado ang mga ito kumpara sa mga isyu ng mga tauhan sa loob ng iglesia. Saan matatagpuan ang pagiging

komplikado nito? Hindi ito kasingsimple ng pagsasabi lang sa mga tao sa iglesia na magpasakop sa Diyos, maging masunurin, isagawa ang katotohanan, tapat na gampanan ang tungkulin, at unawain ang katotohanan at pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo—ang pagsasabi lang ng mga bagay na ito ay hindi makakalutas sa mga problema. Sa halip, nangangailangan ito ng pag-unawa sa bawat aspekto ng mga batas, patakaran, at regulasyon ng bansa, at sa mga lokal na kaugalian at tradisyon, bukod sa iba pa. Maraming salik ang kaugnay sa mga panlabas na usaping ito, at karaniwang lumilitaw ang mga hindi inaasahang isyu o ang mga isyung mahirap tugunan gamit ang mga prinsipyo ng iglesia, at nabubuo ang mga paghihirap dahil sa paglitaw ng mga isyung ito. Halimbawa, sa loob ng iglesia, kung pabayang ginagampanan ng ilang tao ang mga tungkulin nila, maaaring lutasin ang mga isyung ito sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa katotohanan, pagpupungos, o pagbibigay ng tulong at suporta. Pero sa panlabas, magagamit mo ba ang mga prinsipyo at pamamaraang ito para pangasiwaan ang mga usapin? Malulutas ba ng diskarteng ito ang gayong mga problema? (Hindi.) Ano ang dapat gawin kung gayon? Dapat na gumamit ng ilang matalinong pamamaraan para pangasiwaan at tugunan ang gayong mga isyu. Sa proseso ng pagharap sa mga panlabas na usaping ito, naglatag din ang sambahayan ng Diyos ng ilang prinsipyo, subalit, paano man ipinaliliwanag ang mga ito, madalas pa ring lumilitaw ang iba't ibang uri ng mga paghihirap. Dahil ang mundong ito, ang lipunang ito, at ang sangkatauhang ito ay masyadong madilim at komplikado, at dahil sa panggugulo ng masasamang puwersa ng malaking pulang dragon, kapag hinaharap ang mga panlabas na usaping ito, magkakaroon ng ilang hindi inaasahan at karagdagang paghihirap. Kapag lumilitaw ang mga paghihirap na ito, kung bibigyan lang kayo ng isang simpleng prinsipyo, na nagsasabi, "Magpasakop lang sa mga pagsasaayos ng Diyos; pinamamatnugutan ng Diyos ang lahat, huwag na lang pansinin ang problema," malulutas ba nito ang isyu? (Hindi.) Kung hindi malulutas ang problema, ang mangyayari ay magugulo, maaabala, at masisira ang kapaligiran kung saan ginagampanan ng mga kapatid ang mga tungkulin nila, pati na rin ang kapaligirang tinitirhan nila. Hindi ba't humahantong ito sa pag-usbong ng mga paghihirap? Ano ang dapat gawin kung gayon? Matutugunan ba ito sa pagiging mainitin ang ulo? Maliwanag na hindi. Sinasabi ng ilan, "Kung gayon, puwede ba natin itong lutasin sa legal na pamamaraan?" Maraming bagay ang hindi malulutas ng batas. Halimbawa, sa mga lugar kung saan nanghihimasok at nangingialam ang malaking pulang dragon, malulutas ba ng batas ang mga isyu? Walang anumang epekto ang batas doon. Sa maraming lugar, madalas na nahihigitan ng kapangyarihan ng tao ang batas, kaya huwag umasa na malulutas ang mga problema sa pagtitiwala sa batas. Hindi rin angkop ang paggamit ng pamamaraan ng tao o pagkamainitin ng ulo para lutasin ang mga ito. Ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa sa gayong mga sitwasyon? Kaya bang lutasin ng mga marunong lang maglitanya ng mga salita at doktrina ang mga problemang ito kapag lumitaw na? Hindi ba't mga masalimuot na isyu ang mga ito? Sa tingin mo ba ay gagana

ang pagkuha ng abogado at pagpunta sa korte para lutasin ang mga ito? Nauunawaan ba ng mga taong iyon ang katotohanan? Wala nang lugar sa mundo para sa pangangatwiran; maging ang mga hukom sa isang bansang mahigpit sa batas ay hindi palaging kumikilos ayon sa batas, pero sa halip, inaakma nila ang kanilang hatol batay sa kung sino ang sangkot, kaya't nawawalan ng katarungan. Sa mundong ito, kahit saan man, umaasa ang mga tao sa puwersa, sa kapangyarihan, para palakasin ang pananalita nila. Kaya, sa ano tayo dapat umasa, bilang mga nananampalataya sa Diyos? Dapat nating tratuhin ang mga tao at pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga salita ng Diyos, ayon sa katotohanan. Pero makakapagpatuloy ba nang maayos ang lahat para sa atin sa mundong ito kung aasa tayo sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan? Hindi, hindi ito makakapagpatuloy; kailangan nito ng karunungan. Samakatwid, kapag nahaharap ang mga lider at manggagawa sa gayong mga isyu, kung pakiramdam nila ay napakahalaga ng usaping ito at natatakot silang baka hindi nila ito mapangasiwaan nang tama, at sa gayon ay maghahatid ito ng problema sa sambahayan ng Diyos, na magdudulot ng mga hindi kanais-nais na epekto o kahihinatnan, ang gayong mga isyu ay mga paghihirap para sa kanila. Kapag nakakaranas ng mga paghihirap na hindi nila kayang lutasin, dapat nilang agarang iulat ang mga ito sa ang Itaas at maghanap sila ng mga angkop na pamamaraan para lutasin ang mga isyu; ito ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa.

B. Ang mga Wastong Pananaw at Saloobin na Dapat Taglayin Kapag Nakakaranas ng mga Paghihirap

Ang kailangan Kong ipaliwanag sa inyo rito ay hindi lang nakadirekta sa mga lider at manggagawa, kundi sa lahat din ng naririto—ito ay isang napakahalagang prinsipyo. Saanman kayo nagsasagawa ng gawain ng iglesia, gumagampan ng mga tungkulin ninyo, o nangangaral ng ebanghelyo, palaging mayroong mga pagsubok. Kahit ang sariling gawain ng Diyos ay puno ng mga paghihirap—napansin na ba ninyong lahat ang katunayang ito? Bagama't maaaring hindi ninyo alam o malinaw na nauunawaan ang mga detalye, batid ninyong lahat ang mga pangkalahatang sitwasyon. Hindi madali ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng Diyos, kaya dapat maging handa kayong lahat sa isipan at makilala ninyo ito. Nakalatag dito ang nakatakdang katunayang ito, kaya anong pinakamarapat, pinakamakatwiran, at pinakawastong saloobin ang dapat nating gamitin para sa mga ganitong bagay? Tama bang maging mahiyain at matatakutin sa loob natin? (Hindi.) Dahil hindi tama ang pagiging mahiyain at matatakutin, tama bang taglayin ang saloobin at pananaw na hindi ninyo kinatatakutan ang langit o lupa, na kayo ay mga kaaway ng buong mundo, na lumalaban kayo sa buong mundo hanggang dulo, at kumokontra kayo sa agos? (Hindi.) Ito ba ang pagkamakatwiran ng normal na pagkatao o pagkamainitin ng ulo? Ang mga maling pananaw na ito ay pawang pagsasalamin ng pagkamainitin ng ulo, hindi ng tunay na pananalig. Kung gayon, anong uri ng mga pananaw at saloobin ang tama? Hayaan

ninyong ilista Ko ang ilan para sa inyo. Ito ang unang pananaw na dapat taglayin ng mga tao: Sa ibang bansa man o sa Tsina, ang buong-pusong paggugol ng sarili nila para sa Diyos at paggampan ng mga tungkulin nila ay ang pinakamakatarungang layunin sa gitna ng lahat ng sangkatauhan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Ang paggampan natin ng tungkulin ay bukas at matapat, hindi patago, dahil ang ginagawa natin ngayon ay ang pinakamakatarungang layunin sa gitna ng sangkatauhan. Ano ang tinutukoy nitong "makatarungan"? Tumutukoy ito sa katotohanan, sa kalooban ng Diyos, sa mga pagsasaayos at atas ng Lumikha; ganap itong nakahihigit sa mga moralidad, etika, at batas ng tao, at isang layuning isinasakatuparan sa ilalim ng pamumuno at pangangalaga ng Lumikha. Hindi ba ito ang pinakawastong pananaw? Sa isang banda, ang pananaw na ito ay isang tunay na umiiral na katunayan; sa kabilang banda, ito rin ang pinakawastong pagkilala sa tungkuling ginagampanan ng isang tao. Ito ang ikalawang pananaw na dapat taglayin ng mga tao: Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at pangyayari. Lahat, kabilang ang mga pinuno ng mundo at anumang kapangyarihan, relihiyon, organisasyon, at etnisidad sa mundo ay pinamumunuan at kinokontrol ng kamay ng Diyos—walang sinuman ang may kontrol sa sarili niyang tadhana. Hindi tayo naiiba; ang tadhana natin ay pinamumunuan at kinokontrol ng kamay ng Diyos, at walang sinuman ang makakapagpabago sa direksyon kung saan tayo pupunta o kung saan tayo mananatili, ni sinuman ang makakapagpabago ng hinaharap at hantungan natin. Tulad ng sinasabi sa Bibliya, "Ang puso ng hari ay nasa kamay ni Jehova na parang mga batis ng tubig: ikinikiling Niya ito saanman Niya ibigin" (Kawikaan 21:1). Lalo na ang tadhana nating mga hamak na tao! Ang panuntunan at sistema ng pinuno ng bansang tinitirhan natin, pati na rin ang kapaligiran ng pamumuhay sa bansang ito, ang mga ito man ay nagbabanta, mapanlaban, o palakaibigan sa atin—ang lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at wala tayong dapat ipag-alala o ikabahala. Ito ang pananaw na dapat panghawakan ng mga tao at ang kabatirang dapat mayroon sila, pati na rin ang katotohanang dapat nilang taglayin at unawain. At ito naman ang ikatlong pananaw, na siyempre ang pinakamahalaga rin: Kahit saan man tayo manirahan, sa alinmang bansa, at anuman ang mga kapabilidad o kakayahan natin, isang parte lang tayo ng masa ng mga hamak na nilikha. Ang tanging responsabilidad at tungkulin na dapat nating tuparin ay ang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan, mga pagsasaayos, at mga pamamatnugot ng Lumikha; wala nang iba, ganoon lang iyon kasimple. Bagama't kasalukuyan tayong nasa isang malayang bansa at isang malayang kapaligiran, kung isang araw ay magtataas ang Diyos ng isang mapanlabang puwersa para usigin at pinsalain tayo, dapat ay wala tayong anumang mga reklamo. Bakit hindi tayo dapat magreklamo? Dahil matagal na tayong inihanda; ang obligasyon, responsabilidad, at tungkulin natin ay ang magpasakop sa lahat ng ginagawa ng Diyos, sa lahat ng pinamamatnugutan ng Diyos. Ang pagpapasakop bang ito ang katotohanan? Ito ba ang saloobin na dapat taglayin ng mga tao? (Oo.) Kung isang araw, kokontra laban sa atin

ang lahat ng sangkatauhan at ang buong kapaligiran, at haharap tayo sa kamatayan, dapat ba tayong magreklamo? (Hindi dapat.) Sinasabi ng ilan, “Hindi ba’t dinala tayo ng Diyos sa ibang bansa para hindi na tayo magdurusa sa malupit na pang-uusig ni Satanas? Hindi ba’t ito ay para malaya nating magampanan ang ating mga tungkulin at malanghap ang hangin ng kalayaan? Kung gayon, bakit nilalayon pa rin ng Diyos na harapin natin ang kamatayan?” Hindi tama ang mga salitang ito. Ang pagpapasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos ay isang saloobin, ang saloobin na dapat taglayin ng mga tao sa Diyos, sa Kanyang kataas-taasang kapangyarihan. Ito ang saloobin na dapat taglayin ng isang nilikha.

May isa pang pinakamahalagang punto na dapat mapagtanto ng mga tao: Bagama’t medyo matatag at malaya sa ibang bansa, mahirap pa ring maiwasan ang madalas na pangliligalig ng malaking pulang dragon. Sa harap ng pangliligalig ng malaking pulang dragon, nag-aalala ang ilang tao: “Masyadong malakas ang kapangyarihan ng malaking pulang dragon. Kaya nitong suhulan ang mga makapangyarihang tao sa buong mundo para magserbisyo rito, para magtrabaho sa ngalan nito. Kaya, kahit tumakas tayo sa ibang bansa, nasa panganib pa rin tayo, nasa bingit pa rin ng kapahamakan! Ano ang magagawa natin?” Sa bawat pagkakataong naririnig ang ganitong mga balita, nag-aalala at natatakot ang ilan, gusto nang makipagkompromiso at tumakas, hindi alam kung saan sila dapat magtago. Sa tuwing nangyayari ito, iniisip ng ilan, “Napakalawak ng mundo, pero walang lugar para sa akin! Sa ilalim ng kapangyarihan ng malaking pulang dragon, nagdurusa ako sa pang-uusig nito, at kahit pa sa labas ng saklaw ng awtoridad nito, bakit nagugulo pa rin ako nito? Masyadong matindi ang kapangyarihan ng malaking pulang dragon; kahit tumakas ako hanggang sa dulo ng mundo, bakit nagagawa pa rin nitong hanapin ako?” Hindi maiwasan ng mga tao na matakot at maging hindi sigurado kung ano ang dapat gawin. Pagpapamalas ba ito ng pagkakaroon ng pananalig? Ano ang problema rito? (Kawalan ng pananalig sa Diyos.) Kawalan lang ba ito ng pananalig sa Diyos? Pakiramdam ba ninyo, sa kaibuturan ninyo, na mas mababa kayo kaysa sa iba? Pakiramdam ba ninyo ay medyo malihim kayo, tulad ng isang magnanakaw, sa pananampalataya sa Makapangyarihang Diyos at sa paggampan ng tungkulin ninyo sa iglesia? Pakiramdam ba ninyo ay medyo mas mababa kayo kaysa sa mga taong nasa mundo ng relihiyon? “Tingnan ninyo ang kapangyarihan nila; mayroon silang mga opisyal na pastor at mga engrandeng katedral na kinikilala ng estado, napakarangya! Mayroon silang mga koro at mga negosyo sa iba’t ibang bansa. Pero tingnan ninyo tayo, palaging inaapi, itinatakwil tayo saan man tayo magpunta—bakit naiiba tayo sa kanila? Bakit hindi tayo puwedeng maging bukas tungkol dito saan man tayo magpunta? Bakit kailangan nating mamuhay nang napakamiserable? Lalo na, maraming negatibong propaganda online. Bakit hindi nagtitiis nito ang ibang mga simbahan, bakit palaging tayo ang kailangang magdusa ng mga bagay na ito? Hayagang ipinapahayag ng ibang mga mananampalataya sa Diyos ang pananalig nila sa Kristiyanismo kahit saan sila magpunta, pero tayong mga mananampalataya sa Makapangyarihang Diyos ay hindi

naglalakas-loob na magsalita nang hayagan, natatakot na baka isumbong tayo ng masasamang tao at pagkatapos ay maaresto.” Kamakailan, nabalitaan Ko na may isang tao na nagpakilala bilang isang opisyal ng pamahalaan na nagtanong ng ilang katanungan sa mga kapatid. Nang makita ng mga kapatid na tinatanong sila ng isang opisyal, natakot sila at isiniwalat nila ang lahat ng nalalaman nila, sinasagot ang anumang itinatanong sa kanila. Ano ang problema sa ganitong pagkilos nila? Isa kang mananampalataya sa Diyos—bakit mo katatakutan ang mga opisyal? Kung wala ka namang ginawang anumang ilegal, hindi mo kailangang matakot. Kung nasa iyo ang katotohanan, bakit ka matatakot sa mga diyablo at kay Satanas? Sa tingin mo ba, ang pananampalataya sa Diyos ay hindi ang tamang daan? Pakiramdam mo ba ay may nagawa kang ilegal? Kung gayon, bakit ka natatakot sa isang opisyal? Hindi ba’t hangal at mangmang ang gayong mga tao? Lubhang nagdusa ang ilang tao sa pagtugis at pang-uusig sa mainland; matapos makarating sa ibang bansa, nakokonsensiya ba sila tungkol sa pananampalataya sa Diyos? Nakakaramdam ba sila ng pagkapahiya dulot ng pang-uusig ng malaking pulang dragon? Nararamdaman ba nila na nawalan sila ng mukhang ihaharap sa mga ninuno nila at na nawalan sila ng karangalan dahil napilitan silang tumakas sa ibang bansa para manampalataya sa Diyos at gampanan ang tungkulin nila? Nakikita ba nila ang salungat na pagtrato ng satanikong rehimen at ng mundo ng relihiyon sa Diyos at sa iglesia, at nararamdaman ba nilang mas mababa sila, marahil ay mas lalo pang kahiya-hiya kaysa sa paggawa ng isang krimen? Mayroon ba kayo ng ganitong mga damdamin? (Wala.) Maaaring umiiling kayo sa panlabas, ayaw ninyong pansinin ang mga kaisipan at damdaming ito, pero kapag nahaharap sa mga aktuwal na sitwasyon, ang mentalidad ng isang tao, ang mga pag-uugali niya, at ang mga hindi sinasadyang pagkilos niya ay hindi maiiwasang maglalantad sa mga pinakamalalim, pinakatagong aspekto ng puso niya. Ano ang nangyayari dito? Kung wala ka ng mga ganitong bagay, bakit ka natatakot? Natatakot ba sa pulis ang isang taong hindi lumalabag sa batas? Kinatatakutan ba niya ang hukom? Hindi. Ang mga lumalabag lang sa batas ang pinakanatatakot sa pulis, at tanging ang mga Tsino, na nasanay na sa paniniil ng mga pulis, ang may pinakamatinding takot sa mga ito dahil walang batas ang mga pulis ng CCP at ginagawa ang anumang gusto ng mga ito. Samakatwid, nang unang makarating sa ibang bansa ang mga Tsino, natatakot na sila kapag nakakakita lang ng pulis. Resulta ito ng pagiging takot sa patakaran ng malaking pulang dragon, at isa itong bagay na naibubunyag sa loob ng di-malay nila. Sa mga bansa sa Kanluran, legal ang katayuan mo, mayroon kang mga karapatan sa paninirahan, wala kang nilabag na anumang mga batas, hindi mo binatikos ang pamahalaan, at wala kang ginawang anumang mga krimen. Gaano man karaming kontrobersiya ang maaaring pukawin ng pananalig mo sa mundo ng relihiyon, nananatiling tiyak ang isang katunayan: Legal na protektado ang pananalig mo, naaayon ito sa batas at malaya ito, at ito ang marapat mong karapatang pantao. Wala kang nilabag na anumang mga batas, kaya’t kung may magpapakilala bilang isang pulis at magtatanong sa iyo,

“Nananampalataya ka ba sa Makapangyarihang Diyos? Ipakita mo sa akin ang ID mo! Taga saan ka? Ilang taon ka na? Ilang taon ka nang nananampalataya? Saan ka nakatira? Sabihin mo sa akin ang adres mo!” paano ka sasagot? Sa unang tanong na, “Nananampalataya ka ba sa Makapangyarihang Diyos?” paano ka sasagot? (Oo.) Bakit ninyo sasabihing “oo”? Batay ba ito sa katunayan? O responsabilidad mo ba ito bilang mamamayan, na dapat mong sabihing “oo” kung tinanong? O nagtagubilin ba sa iyo ang Diyos na magsabi ng “oo”? Ano ang basehan ninyo? Sa ikalawang hinihingi niya na, “Ipakita mo sa akin ang ID mo!” ipapakita ba ninyo ito? (Hindi.) At ang ikatlong tanong: “Saan ka nakatira? Isulat mo ang adres mo.” Isusulat mo ba ito? (Hindi.) Ang ikaapat na tanong: “Ilang taon ka nang nananampalataya sa Diyos? Sino ang nagpapasok sa iyo sa pananalig? Bakit ka nananampalataya? Ilang taon ka na sa ibang bansa?” Sasagutin mo ba ang mga ito? (Hindi.) Ang ikalimang tanong: “Anong tungkulin ang ginagampanan mo rito? Sino ang lider mo?” Sasagutin mo ba ito? (Hindi.) Bakit hindi? (Wala akong obligasyong sabihin sa kanya.) Balikan natin ang unang tanong: Kung tinanong ka kung nananampalataya ka ba sa Makapangyarihang Diyos, nagkakaisa kayong lahat na sabihing sasagot kayo ng “oo.” Tama ba ang pagsagot nang ganito? (Hindi.) Bakit mali ito? (Dahil isang personal na kalayaan ang pananalig. Walang karapatan ang pulis na manghimasok. Kaya, may karapatan akong hindi magsabi sa kanya.) Kung gayon, bakit hindi mo sasabihin sa kanya? (Dahil kailangan ko munang linawin kung bakit niya ako tinatanong, sa anong kapasidad niya ito ginagawa, at kung alinsunod ba sa batas ang pagtatanong niya o hindi. Kung hindi malinaw ang pakay at pagkakakilanlan niya, wala akong obligasyong sagutin ang mga tanong niya.) Tama ang pahayag na ito. Sa simula, sinabi ninyong lahat na sasagot kayo ng “oo,” pero habang nagpapatuloy Ako sa pagtatanong, nararamdaman ninyo na may mali, na parang hindi tama ang sagot ninyo. Natukoy ba ninyo kung nasaan ang problema? Sa usaping ito, ito ang pagkaunawang dapat mayroon kayo: Wala tayong nilalabag na anumang mga batas sa pananampalataya sa Diyos, hindi tayo mga kriminal, mayroon tayong mga karapatang pantao at kalayaan. Hindi puwedeng kung sino-sino na lang ang mag-uusisa o magtatanong sa atin kung gugustuhin nila. Hindi ibig sabihin na kahit sino ang magtanong sa atin, kailangan nating sumagot nang matapat; wala tayong obligasyong gawin ito. Tama ba ang mga salitang ito? (Oo.) Ilegal para sa sinuman, kahit sino pa sila, na basta-basta na lang tayong usisahin; dapat nating maunawaan ang batas at matutunang gamitin ito para protektahan ang sarili natin. Ito ang karunungang dapat taglayin ng mga hinirang ng Diyos. Kaya, ano ang dapat mong gawin kung makakaranas ka ng gayong sitwasyon sa hinaharap? Kung may magtatanong sa iyo kung nananampalataya ka ba sa Makapangyarihang Diyos, paano ka sasagot, paano mo ito haharapin? Ang una mong sasabihin ay, “Sino ka? Ano ang karapatan mo para itanong sa akin ito? Kilala ba kita?” Kung sasabihin ng taong ito na isa siyang empleyado ng isang ahensiya ng pamahalaan, dapat mong hingin sa kanya na ipakita ang mga kredensiyal niya. Kung hindi niya ipapakita ang mga kredensiyal niya, sasabihin mo, “Hindi ka kalipikadong makipag-usap sa akin, at wala akong obligasyong sagutin ka.

Maraming manggagawa sa pamahalaan; dapat ko ba silang sagutin lahat? May mga nakatalagang tao ang pamahalaan para mangasiwa sa mga partikular na gampanin—talaga bang ikaw ang may hawak sa usaping ito? Kahit pa ikaw nga ito, hindi ko nilabag ang batas, kaya, bakit kita dapat na sagutin? Bakit ko dapat na sabihin sa iyo ang lahat? Kung sa palagay mo ay may nagawa akong mali o nilabag ko ang batas, puwede kang magpakita ng ebidensiya. Pero kung gusto mong sagutin ko ang alinman sa mga katanungan mo, kausapin mo ang abogado ko. Wala akong obligasyong sagutin ka, at wala kang karapatang magtanong!" Ano ang tingin mo sa pamamaraang ito ng pagtugon? May dignidad ba ito? (Oo.) Ano ang ipinakita ng sagot ninyo kung gayon? May dignidad ba ito? (Wala.) Ang pagsagot ninyo sa sarili ninyong paraan ay nagpapakita ng kamangmangan sa batas. Sinasagot mo na lang ang anumang itinatanong ng iba, at ano ang nangyayari sa huli? Nagiging Hudas ka. Kaya mong sumagot nang walang pakundangan, at ito ang dahilan diyan: Ang mga tao sa bansa ng malaking pulang dragon ay naindoktrinahan at na-brainwash na isiping ang mga mananampalataya sa Diyos ay mangmang, nasa mas mababang antas, at inuusig ng estado, na dapat silang mamuhay nang walang mga karapatang pantao o dignidad sa bansang ito; kaya, ibinababa ng mga mananampalataya ang sarili nila sa mas mababang katayuan. Pagdating nila sa mga bansa sa Kanluran, hindi nila nauunawaan ang mga bagay tulad ng kung ano ang mga karapatang pantao, kung ano ang dignidad, o kung ano ang mga obligasyon ng isang mamamayan. Kaya, kapag may nagtatanong kung nananampalataya ka ba sa Diyos, nagmamadali kang aminin ito dahil sa takot, sinasabi sa kanya ang lahat ng nalalaman mo at talagang hindi nagpapakita ng anumang tayog. Sino ang may sanhi ng lahat ng ito? Ang indoktrinasyon at pamumuno ng malaking pulang dragon ang nagsanhi nito. Sa kailaliman ng di-malay ng lahat ng tao sa mainland, may isang ideya na kapag nananampalataya ka sa Diyos, nakapuwesto ka sa pinakamababang katayuan sa lipunan, sa gitna ng sangkatauhan; nahihiwalay ka sa lipunan at sangkatauhan. Kaya, ang mga taong ito ay walang dignidad, mga karapatang pantao, at kabatiran na protektahan ang sarili nila; sila ay mga hangal, mangmang, at walang kabatiran, hinahayaan nilang apihin at manipulahin sila ng iba kung gustuhin ng mga ito. Ganito ang mentalidad ninyo. Sa halip na manindigan sa patotoo mo para sa Diyos, ipinagkakanulo mo Siya sa anumang sandali, nagiging Hudas ka sa anumang sandali. Kaya, paano ka makakakilos nang may dignidad? Paano mo dapat harapin ang isang estrangherong nagtatanong sa iyo? Una, tanungin mo kung sino siya, pagkatapos, hingin mo sa kanya na ipakita ang mga kredensiyal niya. Ito ang tamang legal na pamamalakad. Sa mga bansa sa Kanluran, palaging nagpapakita muna ng mga kredensiyal nila ang mga pulis o sinumang iba pang mga manggagawa ng pamahalaan kapag nakikisalamuha sa publiko bilang mga kinatawan na nagtatrabaho sa ngalan ng pamahalaan. Matapos makumpirma ang pagkakakilanlan niya batay sa mga kredensiyal niya, magpapasya ka kung paano sasagutin ang mga tanong niya o kung paano haharapin ang mga hinihingi niya sa iyo. Siyempre, sa usaping ito, tiyak na may pagkakataon ka para gumawa ng

mga pasya, ganap kang may awtonomiya, hindi ka isang tau-tauhan. Bagama't isa kang Tsino at kasapi ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos, isa ka ring legal at kinikilalang miyembro ng bansang iyong tinitirhan. Huwag mong kalimutan na mayroon kang awtonomiya; hindi ka isang alipin o bilanggo ng anumang bansa, isa kang taong puwedeng magtamasa sa mga batas, karapatang pantao, at sistema ng bansang iyon.

Batay sa nilalaman na ibinahagi Ko, paano ninyo dapat harapin ang mga biglaang sitwasyon at di-inaasahang pangyayari? Ito ang ikaapat na punto na pagbabahaginan natin—huwag maging matatakutin. Tinatanong ng ilang tao, "Nangangahulugan ba ang hindi pagiging matatakutin ng pagkilos lang sa paraang hangal na mapangahas?" Hindi, nangangahulugan ang pagiging hindi matatakutin na hindi pagkatakot sa anumang kapangyarihan dahil hindi tayo mga kriminal, hindi tayo mga alipin; tayo ay ang marangal na mga hinirang ng Diyos, mga marangal na nilikha sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Lumikha. Sa pagharap ninyo sa usaping ito, una sa lahat, huwag maging matatakutin; dagdag pa rito, aktibong panatilihin ang tungkulin ninyo at ang kapaligiran kung saan ninyo ginagampanan ang tungkulin ninyo, at harapin din ang iba't ibang kapaligiran at mga pahayag, kilos, at ang iba pang mga bagay ng iba't ibang kapangyarihan na pumupuntirya sa atin nang may aktibong saloobin. Ang aktibong pagharap sa mga ito at pagiging hindi matatakutin—ano ang tingin ninyo sa saloobing ito? (Mabuti ito.) Marangal ang ganitong pamumuhay, tulad ng isang tao; hindi ito pamumuhay nang walang dangal para lang makaraos. Pumunta tayo sa ibang bansa para gampanan ang tungkulin natin, hindi para lang magpakabusog o magsikap kumita ng ikabubuhay; wala tayong nilabag na anumang batas, hindi tayo nagdulot ng anumang problema sa alinmang bansa, at tiyak na hindi tayo mga alipin ng anumang bansa. Ginagampanan natin ang tungkulin ng mga nilikha sa loob ng sambahayan ng Diyos; sinusuportahan natin ang ating sarili, nang hindi nakadepende sa iba; ito ay ganap na legal.

Sa apat na puntong katatalakay lang natin, mahalaga ang bawat isa. Ano ang unang punto? (Sa ibang bansa man o sa Tsina, ang buong-pusong paggugol ng sarili ng isang tao para sa Diyos at paggampan ng mga tungkulin niya ay ang pinakamakatarungang layunin sa gitna ng lahat ng sangkatauhan mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Ang paggampan natin ng tungkulin ay bukas at matapat, hindi patago, dahil ang ginagawa natin ngayon ay ang pinakamakatarungang layunin sa gitna ng sangkatauhan.) At ang ikalawa? (Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at pangyayari. Lahat, kabilang ang mga pinuno ng mundo at anumang kapangyarihan sa mundo ay pinamumunuan at kinokontrol ng kamay ng Diyos—walang sinuman ang may kontrol sa sarili niyang tadhana. Hindi tayo naiiba; ang tadhana natin ay pinamumunuan at kinokontrol ng kamay ng Diyos, at walang sinuman ang makakapagpabago sa direksyon kung saan tayo pupunta o kung saan tayo mananatili. Kung ano ang panuntunan at sistema ng pinuno ng bansang tinitirhan natin, kung ano ang sitwasyon ng pamumuhay sa bansang ito, at ang mga ito man ay nagbabanta, mapanlaban, o palakaibigan sa atin—ang lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan

ng Diyos, at wala tayong dapat ipag-alala o ikabahala.) Ang ikatlong punto? (Kahit saan man tayo naroroon at anuman ang mga kapabilidad o kakayahan natin, isang parte lang tayo ng masa ng mga hamak na nilikha. Ang tanging responsabilidad at tungkulin na dapat nating tuparin ay ang magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan, mga pagsasaayos, at mga pamamatnugot ng Lumikha. Bagama't kasalukuyan tayong nasa isang malayang bansa, kung isang araw ay magtataas ang Diyos ng isang mapanlabang puwersa para usigin at pinsalain tayo, dapat ay wala tayong anumang mga reklamo. Ito ay dahil ang obligasyon, responsabilidad, at tungkulin natin ay ang magpasakop sa lahat ng ginagawa ng Diyos, sa lahat ng pinamamatnugutan ng Diyos.) Ang ikaapat na punto ay ang aktibong harapin ang lahat ng panlabas na tao, pangyayari, at bagay, nang walang pagkamatatakutin. Ang apat na puntong ito ay ang mga saloobin at pagkaunawa na dapat taglayin ng lahat ng gumagampan ng tungkulin nila, at ang mga ito rin ang mga katotohanan na dapat maunawaan ng lahat ng gumagampan ng tungkulin nila. Bagama't ang apat na puntong ito ay hindi gaanong nauugnay sa ikawalong responsabilidad ng mga lider at manggagawa na pinagbabahaginan ngayon, dahil pinag-uusapan natin ang mga paghihirap sa gawain, kailangan pa rin nating talakayin ang mga usaping ito; hindi ito para lang sa wala.

C. Ang mga Prinsipyong Dapat Isagawa ng mga Lider at Manggagawa Kapag Nakakaranas ng mga Paghihirap

Nakakaranas ang ilang lider at manggagawa ng medyo mahihirap pangasiwaan na isyu sa mga panlabas na usapin at sa huli hindi nila malaman kung ano ang gagawin, hindi nila makilatis ang ugat ng problema, ni malaman kung paano ito haharapin. Basta na lang nila itong binabalewala, na nagdudulot na maantala ang usapin. Anong problema ito? Ito ay ang kawalan ng kakayahan ng mga huwad na lider na gumampan ng gawain at pagdudulot lang ng mga pagkaantala. Walang katwiran ng isang normal na tao ang mga huwad na lider; dahil hindi nila kayang mangasiwa sa mga problema, bakit hindi nila iniuulat ang mga ito sa ang Itaas? Kung iuulat mo ang isang problema sa ang Itaas, maaari nating harapin ito nang magkasama, at sa huli ay malulutas ang problema. May ilang bagay na hindi ninyo kayang makilatis; tutulungan Ko kayong suriin ang mga ito. Hangga't hindi natin nilalabag ang batas o ang mga regulasyon ng pamahalaan, walang problemang hindi kayang lampasan. Para sa mga isyung may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo, tayo mismo ang lulutas sa mga ito; para naman sa mga isyung may kinalaman sa batas, puwede tayong humingi ng legal na payo para matulungan tayo at malutas ang mga ito sa legal na pamamaraan. Anuman ang sadyang ginagawang panggugulo at pananabotahe ng masasamang puwersa sa gawain ng sambahayan ng Diyos, tandaan ninyo ang isang bagay: Hangga't hindi natin nilalabag ang batas o mga regulasyon ng pamahalaan, walang magagawa sa atin ang sinuman. Ito ay dahil demokratiko at pinamamahalaan ng batas ang karamihan sa mga bansa sa ibayong dagat; kahit kumikilos laban sa batas ang masasamang puwersa,

natatakot din sila sa paglalantad at mga legal na parusa. Ito ay isang katunayan. Paano man guluhin at isabotahe ng madidilim na kamay ng malaking pulang dragon ang gawain ng sambahayan ng Diyos, o manligalig ng mga normal na buhay natin, o bayaran ang isang tao para gumawa ng masasamang bagay, dapat tayong kumuha ng mga larawan at gumawa ng mga makatotohanang video, seryosong magtago ng mga tumpak na rekord, at malinaw nating itala ang oras, lugar, at mga taong sangkot. Kapag dumating na ang panahon, lulutasin natin ito sa mga legal na pamamaraan, at hindi natin ito kailangang katakutan. Sa kabila ng matinding pagsupil ng malaking pulang dragon, hindi tayo natatakot dito dahil ang Diyos ang suporta natin, at isang araw ay magpapadala ang Diyos ng mga sakuna para wasakin ito, direktang magpapataw ng ganting-parusa ang Diyos sa malaking pulang dragon, at wala tayong anumang kailangang gawin. Minsan, may ilang isyu na hindi ninyo malinaw na nakikilatis; sa ganoong kaso, dapat ninyo itong iulat kaagad paitaas, at ipapakita sa inyo ng ang Itaas ang isang landas, gagawing maliliit ang malalaking isyu, at malulutas ang maliliit na isyu. Sa katunayan, para sa maraming isyu, hindi ninyo alam kung paano suriin ang mga ito at hindi ninyo makilatis ang diwa ng mga ito, at iniisip ninyo na makabuluhan at seryoso ang isang sitwasyon, pero pagkatapos ng pagsusuri mula sa ang Itaas, mapagtatanto ninyo na halos wala lang ito; hindi ito dapat ikatakot at hindi ito makabuluhan—pabayaan na lang ito, at kusa itong malulutas makalipas ang ilang panahon. Ang mga panggugulo ng masasamang puwersa ay hindi makakapagdulot ng malaking kaguluhan; pinakakinatatakutan nila ang hayagang malantad, kaya hindi sila nangangahas na lumampas sa mga hangganan nila. Kung mangangahas na lumampas sa mga hangganan ang iilang hangal, maaari natin itong lutasin sa legal na paraan, gamit ang mga legal na hakbang. Isa itong bagay na dapat makilatis ng lahat ng lider at manggagawa. Anuman ang sitwasyong nararanasan ninyo, talagang hindi kayo dapat kumilos nang naguguluhan o hangal. Kung hindi mo makilatis ang isang sitwasyon o mapangasiwaan ito, dapat mo itong iulat kaagad paitaas at hayaan ang ang Itaas na bigyan ka ng payo at mga estratehiya. Ang tanging tunay na takot ay na hindi kaya ng mga huwad na lider na makilatis o mapangasiwaan ang mga isyu ngunit hindi rin nila iniuulat o ipinapaalam ang mga ito sa ang Itaas; naghihintay pa sila hanggang sa lumala ang sitwasyon at maantala nito ang gawain bago ito iniuulat paitaas, malamang na mawawala ang pinakamainam na pagkakataon para mapangasiwaan ang problema. Ito ay tulad ng isang tao na may kanser pero hindi nagpapasuri o nagpapagamot agad, at nagpapatingin na lang sa ospital kapag nasa huling yugto na ang kanser, pero sa puntong iyon, huli na ang lahat at wala na siyang magagawa kundi maghintay ng kamatayan. Kaya, ang mga huwad na lider ang pinakamalamang na sanhi ng pagkaantala ng mga bagay-bagay sa gawain nila. May kapansanan sa pag-iisip ang mga huwad na lider, mga tampalasan sila, hindi responsable ni nagtataguyod sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Bakit sinasabing ang mga huwad na lider ay mga hamak, tagapagbabala ng kapahamakan, at hangal na pinakamalubhang walang katwiran? Iyan ang dahilan. Ang sinumang huwad na lider na may gayon kahinang kakayahan na hindi man lang niya

kayang pangasiwaan ang mga panlabas na usapin ay dapat na tanggalin at itiwalag kaagad, hindi na muling gagamitin kailanman, upang maiwasan ang karagdagang pagkaantala sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang paggawa ng mga huwad na lider ang pinakamabigat na hadlang. Madalas, kapag may lumitaw na isang problema, maaari itong malutas sa pamamagitan ng napapanahong pagkonsulta sa lahat; ang tanging alalahanin ay na may kapansanan sa pag-iisip ang namamahalang huwad na lider, na hindi niya mismo magawang lutasin ang problema pero hindi rin niya ito tinatalakay sa grupo ng mga tagapagpasya o iniuulat ito sa ang Itaas, at gumagamit siya ng isang saloobin ng kapabayaan, pinagtatakpan at pinipigilan ang problema—ito ang pinakanag-aantala sa mga bagay-bagay. Kung naaantala ang isyu at nagbabago ang mga sitwasyon, maaari itong humantong sa pagkawala ng inisyatiba na pangasiwaan ang problema, humahantong sa isang pasibong sitwasyon. Ano ang pinapatunayan nito? Hindi puwedeng maantala ang ilang bagay at dapat na agarang harapin ang mga ito, sa unang pagkakataon. Gayumpaman, hindi batid ng mga huwad na lider ang tungkol dito, kaya, talagang hindi dapat mamuno ang mga indibidwal na may lubhang mahinang kakayahan. Marunong lang maglitanya ng ilang salita at doktrina ang mga huwad na lider at hindi nila kayang lumutas ng anumang aktuwal na problema; ang nagagawa lang nila ay pinsalain ang mga tao o magdulot ng mga pagkaantala. Tanging sa pamamagitan ng pagtanggal sa mga huwad na lider na ito at pagpili ng mga indibidwal na may pasanin at pagpapahalaga sa responsabilidad na maging mga lider at manggagawa, magagawang makausad nang normal ang gawain ng iglesia. Kahit ano pa ang mga problemang kinakaharap, hangga't kaya mong hanapin ang katotohanan, may paraan para malutas ang mga ito. Ang mga panlabas na usapin at mga panggugulo na dulot ng malaking pulang dragon ay maaaring malutas sa pamamagitan ng legal na pamamaraan kung kinakailangan, hindi ito malaking bagay. Hangga't hindi natin nilalabag ang batas o ang mga regulasyon ng pamahalaan, walang magagawa sa atin ang sinuman, at sa pagtitiwalang ito, hindi natin kailangang matakot sa anumang mga panggugulo mula kay Satanas o sa mga diyablo.

Ngayon, kailangang mahimay at maunawaan ang isyu ng mga huwad na lider. Napakahalaga nito para maisakatuparan nang maayos ang gawain ng iglesia! Magbahaginan tayo ngayon tungkol sa kung bakit hindi pa rin iniuulat ng mga huwad na lider ang mga isyu sa ang Itaas kapag nahaharap sila sa mga isyung hindi nila kayang lutasin sa sarili nila. Paano natin ito dapat tingnan? Puwede ninyong lahat na suriin ito at makikinabang kayo rito. Ang problema ng hindi paggampan ng aktuwal na gawain ng mga huwad na lider ay malubha na, pero mayroong higit na mas malubhang isyu: Kapag nakakaranas ng mga panggugulo mula sa masasamang tao at mga anticristo ang iglesia, hindi lang sa hindi ito pinapangasiwaan ng mga huwad na lider; ang mas malala pa, bigo rin silang iulat ito sa ang Itaas, hinahayaan ang masasamang tao at mga anticristo na guluhin ang iglesia—matiwasay lang silang nanonood mula sa isang tabi, hindi sumasalungat sa sinuman. Hanggang saan man ang panggugulo sa gawain ng

iglesia, walang pakialam ang mga huwad na lider. Ano ang problema rito? Masyado bang malaki ang kawalan sa moralidad ng gayong mga huwad na lider? Ang katunayang ito lang ay sapat na para patalsikin ang gayong mga huwad na lider. Ang pagpapahintulot ng mga huwad na lider sa masasamang tao at mga anticristo na malayang guluhin ang iglesia ay katumbas ng pagpapasa ng iglesia at ng mga hinirang ng Diyos sa masasamang tao at mga anticristong ito, na nagsisilbing pananggalang para sa masasamang tao at mga anticristo. Masyadong malaking kawalan ang idinudulot nito sa gawain ng iglesia! Sa puntong ito lamang, ang tanong ay hindi kung dapat bang tanggalin ang mga huwad na lider, kundi kung dapat na silang paalisin. Alin ang may mas malubhang kalikasan: ang hindi paggawa ng aktuwal na gawain ng mga huwad na lider o ang pagpapahintulot ng mga huwad na lider sa masasamang tao at mga anticristo na guluhin ang iglesia? Makakaapekto ang hindi paggawa ng aktuwal na gawain sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos at sa pag-usad ng gawain ng iglesia; nagdudulot na ito ng mga pagkaantala sa mga makabuluhang usapin. Gayumpaman, kapag pinapahintulutan ng mga huwad na lider ang masasamang tao at mga anticristo na basta-bastang guluhin ang iglesia, nang hindi naghahanap ng solusyon o iniuulat ito sa ang Itaas, magiging napakalubha ng mga kahihinatnan. Sa pinakamababang antas, nababalot ang buhay iglesia sa ganap na kaguluhan at kawalan ng kaayusan dahil sa mga masasamang tao at mga anticristo, at dagdag pa rito, palpak at hindi umuusad ang gawain ng iglesia. Hindi ba't direktang naaapektuhan nito ang pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo? Totoo ngang napakalubha ng mga kahihinatnan! Samakatwid, kung gagawa ang mga huwad na lider ng ganitong pagkakamali, dapat silang patalsikin. Maraming lider at manggagawa ang palaging may naiibang kaisipan at kuru-kuro tungkol sa pag-uulat ng mga isyu sa ang Itaas. Sinasabi ng ilan, "Kahit iulat pa ang mga isyu sa ang Itaas, baka hindi pa rin malulutas ang mga ito." Ito ay kakatwang pananalita! Ano ang ibig mong sabihin sa "baka hindi pa rin malulutas ang mga ito"? Dahil lang sa hindi mo ito kayang lutasin ay hindi nangangahulugang hindi rin ito kaya ng ang Itaas. Kung bibigyan ka ng ang Itaas ng isang landas, sa totoo lang, halos ganap nang nalutas ang problema; kung walang landas na ibibigay ang ang Itaas, wala ka nang ibang natitirang solusyon. Hindi mo nga makilatis maging ang maliit na isyung ito; masyado kang mayabang at mapagmagaling! Sinasabi rin ng ilan, "Kapag nakakaranas tayo ng mga paghihirap o isyu, kailangan muna nating magbulay-bulay nang ilang araw, at saka lang ito iulat kung talagang wala tayong mahanap na solusyon." Maaaring tila may kaunting katwiran iyong mga nagsasabi nito, pero hindi ba't malamang na makakapagdulot ng mga pagkaantala ang ilang araw ng pagbubulay na ito? Makakasiguro ka ba na makakalutas sa isyu ang ilang araw ng pagbubulay? Magagarantiyahan mo ba na hindi ito magdudulot ng karagdagang pagkaantala? Sinasabi ng iba, "Kung agad naming iuulat ang isang isyu, hindi ba't iisipin ng ang Itaas na hindi man lang namin kayang makilatis ang maliit na isyung ito? Hindi ba't tatawagin nila kaming mga hangal at mangmang, at pupungusan kami?" Mali sila na sabihin ito—iulat mo man o hindi ang

isyu, kitang-kita na ang kalidad ng kakayahan mo; alam ng ang Itaas ang lahat ng ito. Sa tingin mo ba ay pahahalagahan ka ng ang Itaas kung hindi mo iuulat ang isang isyu? Kung talagang iuulat mo ang isyu, at hindi ito nagdulot ng mga pagkaantala sa mga makabuluhang usapin, hindi ka papanagutin ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, kung hindi mo ito iuulat at hahantong ito sa mga pagkaantala, direkta kang mananagot, at agad kang tatanggalin, hindi na muling gagamitin kailanman. Ituturing ka rin ng mga hinirang ng Diyos bilang isang mangmang, hangal, mahina ang isipan, at nahihibang, at kamumuhian ka nila, at habambuhay ka nilang kasusuklaman. Iyong mga palaging natatakot na mapungusan o maliitin ng ang Itaas dahil sa pag-uulat ng mga problema, ay may mahinang kakayahan at ang mga pinakahangal; dapat silang tanggalin, at hindi na muling gagamitin kailanman. Ang pagkakaroon ng gayon kahinang kakayahan at may kagustuhan pa ring hindi mapahiya—hindi ba't lubos na walang kahihiyan iyon? Sabihin mo sa Akin, hindi ba't kasuklam-suklam ang mga huwad na lider na bukod sa hindi ginagawa nang maayos ang gawain nila ay nagdudulot rin ng mga pagkaantala sa mga makabuluhang usapin? Dapat ba silang tanggalin? (Oo.) Kung mahaharap sila sa isang malaking isyu at kaya nila itong agarang iulat nang hindi nagdudulot ng mga pagkaantala o malubhang kahihinatnan, paano dapat tingnan ang gayong mga lider? Kahit papaano, itinuturing sila na may katwiran at kayang magtaguyod sa gawain ng iglesia. Dapat bang patuloy na gamitin ang gayong mga lider? Dapat silang gamitin. Tanging ang mga lider na pinakamay-kapansanan sa pag-iisip ang iiwas sa pag-uulat ng mga isyu dahil sa takot na mapungusan. Puwede pa rin bang gamitin ang gayong mga lider sa hinaharap? Sa tingin Ko, hindi na sila puwedeng gamitin pa dahil nagdudulot ng sobra-sobrang pagkaantala ang paggamit sa kanila. Sa puntong ito, dapat malinaw nang nauunawaan ng lahat sa inyo ang ganitong mga uri ng mga problema, tama ba? Kapag nakakaranas kayo ng mga isyung hindi ninyo kayang pangasiwaan, iulat ang mga ito kaagad at makipagbahaginan sa grupo ng mga tagapagpasya para makahanap ng mga solusyon. Kung hindi kayang pangasiwaan ng grupo ng mga tagapagpasya ang mga ito, agad itong iulat sa ang Itaas; huwag mag-alala sa kung ano-anong bagay, ang pinakamahalaga ay ang agaran na magawang lutasin ang isyu. Ang halimbawang nabanggit ngayon lang ay nangyayari sa lahat ng iglesia; lilitaw ang ganitong mga paghihirap at problema. Kumpara sa ilang panloob na paghihirap ng iglesia, mayroong mas malulubhang kahihinatnan ang mga panlabas na isyung ito. Kaya naman, medyo mas mahirap ang mga panlabas na isyu kumpara sa mga panloob na isyu ng iglesia. Kung mahaharap kayo sa mga panlabas na isyu, dapat ninyong lutasin kaagad ang mga ito sa pamamagitan ng pagkonsulta o iulat ang mga ito sa ang Itaas; ito ay kinakailangan. Tanging ang pagsasagawa sa ganitong paraan ang makakasiguro sa normal na pag-usad ng gawain ng iglesia at makakagarantiya na hindi nahahadlangan ang pagpapalaganap sa ebanghelyo ng kaharian. Iyan na ang lahat para sa pagbabahaginan natin tungkol sa mga prinsipyo ng pangangasiwa sa mga panlabas na isyu ng iglesia.

Sa bawat iglesia, may ilang tao na mahina ang kakayahan, at palagi silang nakakaranas ng mga paghihirap sa paggampan ng mga tungkulin nila, hindi sila makahanap ng mga prinsipyo ng pagsasagawa kahit paano man makipagbahaginan sa kanila ng katotohanan, bulag lang nilang ginagamit ang mga regulasyon nang walang anumang tunay na bisa. Sa gayong mga kaso, kailangang iayos ang mga tungkulin ng mga taong ito. Ang pag-aayos na ito ay ang muling pagtatalaga ng mga tauhan. Halimbawa, may isang taong itinalaga sa isang importanteng trabaho, pero may ilang isyu siya sa gawain niya na hindi malutas kahit paano ka pa makipagbahaginan sa kanya. Hindi mo makilatis kung ano ang diwa ng problema o kung maaari pa bang gamitin ang taong ito o hindi, at hindi rin nagbubunga ng mga resulta ang pag-oobserba o karagdagang pagbabahaginan. Bagama't hindi naman nagdudulot ng masyadong maraming pagkaantala sa gawain ang taong ito, hindi kailanman nalulutas ang mga kritikal na isyu, na palaging nagiging dahilan kung bakit medyo hindi ka mapalagay. Ano ang dapat mong gawin kapag nahaharap ka sa ganito? Ito ay isang napakahalagang isyu. Kung hindi mo ito kayang lutasin nang mag-isa, dapat mo itong dalhin sa isang pagtitipon ng mga lider at manggagawa para pagbahaginan, himayin, at suriin. Kung maaabot ang isang pagkakasundo, malulutas ang problema. Kung hindi malulutas ng pagsasagawa sa ganitong paraan ang problema, habang tumatagal ito, makakapagdulot ba ito ng mga pagkaantala sa mga makabuluhang usapin? Kung oo, dapat mo itong iulat sa ang Itaas at maghanap ka ng solusyon sa lalong madaling panahon. Sa madaling salita, anuman ang mga kalituhan o paghihirap na nararanasan mo sa gawain mo, hangga't nakakaapekto ang mga ito sa mga hinirang ng Diyos sa paggampan sa mga tungkulin nila o nakakahadlang sa normal na pag-usad ng gawain ng iglesia, dapat agarang malutas ang mga isyu. Kung hindi mo kayang lutasin ang isang isyu nang mag-isa, dapat kang humingi ng tulong sa ilang taong nakakaunawa sa katotohanan para makasama sila sa paglutas nito. Kung kahit ito ay hindi gagana, dapat mong isulong ang isyu at iulat ito sa ang Itaas para makahanap ng solusyon. Ito ang responsabilidad at obligasyon ng mga lider at manggagawa. Dapat na seryosohin ng mga lider at manggagawa ang anumang mga paghihirap o kalituhan na nararanasan nila, hindi lang kaswal na nangangaral ng ilang salita at doktrina, sumisigaw ng mga islogan para pasiglahin ang mga kapatid, o pinupungusan ang mga ito at saka itinuturing ito na tapos na kasunod ng pagkatuklas sa mga isyu o paghihirap. Minsan, ang pagbigkas ng mga salita at doktrina ay maaaring makalutas sa ilang mababaw na isyu, ngunit sa huli, hindi nito malulutas ang ugat ng mga problema. Ang mga isyung may kinalaman sa ugat, mga tiwaling disposisyon, at mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao ay dapat na lutasin sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa katotohanan batay sa mga salita ng Diyos. Mayroon ding mga indibidwal na paghihirap ng mga tao, mga isyu sa kapaligiran, at mga problemang kaugnay sa propesyonal na kaalaman na kinakailangan para sa paggampan ng mga tungkulin; ang lahat ng praktikal na isyung ito ay nangangailangan ng mga solusyon mula sa mga lider at manggagawa. Sa mga isyung ito, ang anumang

kalituhan at paghihirap na hindi malutas ng mga lider at manggagawa ay maaaring dalhin sa pagtitipon ng mga lider at manggagawa para himayin, suriin, at lutasin, o maaari nila itong direktang iulat sa ang Itaas upang hanapin ang katotohanan para sa solusyon. Ito ay tinatawag na paggawa ng tunay na gawain, at tanging sa pagsasanay na gumawa ng tunay na gawain sa ganitong paraan ay maaaring lumago ang tayog ng isang tao at maaaring magampanan niya nang maayos ang mga tungkulin niya. Ang mga lider at manggagawa, hangga't may pagpapahalaga sila sa responsabilidad, ay makakatukoy ng mga problema sa anumang oras at lugar; mayroong mga problemang dapat nilang lutasin araw-araw. Halimbawa, kababanggit Ko lang sa isang insidente kung saan may isang taong nagtatanong kung nananampalataya ka ba sa Makapangyarihang Diyos, at nalito kayong lahat. Sa simula, sinabi ng lahat na sasagot sila ng "oo," pero kalaunan, may ilan na nagsabing hindi iyon ang tamang tugon, at ang iba naman ay nagsabing hindi nila alam; nagkaroon ng sari-saring tugon. Sa huli, nalito pati na ang mga lider at manggagawa, iniisip na, "Ang pagsasabi ng 'hindi' patungkol sa pananampalataya sa Makapangyarihang Diyos ay pagtatatwa sa Diyos sa harap ng iba, at sa gayon ay hindi tayo kikilalanin ng Diyos—pero ano ba ang mga kahihinatnan ng pagsasabi ng 'oo' patungkol sa pananampalataya sa Makapangyarihang Diyos? Parang mali ang alinman sa dalawang sagot." Hindi alam ng mga lider at manggagawa kung paano ito lutasin at hindi sila makapagdesisyon; kaya, kapag muling makakaranas ang mga kapatid ng gayong mga sitwasyon, wala pa rin sila ng mga tamang pananaw at saloobin, at hindi pa rin malulutas ang problema, na ang ibig sabihin, hindi natupad ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila—nabigo silang gampanan ang mga responsabilidad nila. Ang pagkabigong gampanan ang mga responsabilidad ay isang problema ng abilidad at ng kakayahan, pero kapag lumitaw ang gayong mga isyu, ano ang dapat mong gawin kung alam mong hindi nalutas ang mga ito? Hindi mo dapat balewalain ang mga ito o pigilan ang usapin para palamigin ito, hinahayaan ang lahat na kumilos nang malaya at gawin ang anumang gusto nila. Sa halip, dapat mo itong iulat sa ang Itaas, hinahanap ang mga angkop na kilos at ang landas ng pagsasagawa na dapat tahakin sa gayong mga sitwasyon. Sa huli, dapat na ipaunawa sa lahat kung ano ang mga layunin ng Diyos sa mga sitwasyong ito, kung anong mga prinsipyo ang dapat itaguyod ng mga tao, at kung anong mga saloobin at paninindigan ang dapat nilang gamitin. Sa gayon, kung muling mahaharap sa gayong mga sitwasyon sa hinaharap, mauunawaan nila ang mga katotohanang prinsipyo at magkakaroon sila ng landas ng pagsasagawa. Sa ganitong paraan, natutupad ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila. Kaya, bakit ninyo sinabi lahat noong una na sasagot kayo ng "oo" kapag tinanong kung nananampalataya ba kayo sa Makapangyarihang Diyos? May dahilan ito: Hindi kailanman nakipagbahaginan sa inyo ang mga lider at manggagawa tungkol sa kung paano lutasin ang gayong mga isyu. Itinuturing nilang maliliit na usapin ang mga ito kung saan may kanya-kanyang pagkaarok ang lahat, kung saan maaari itong arukin ng lahat kung paano nila gusto at maaari silang magsagawa ayon sa tingin

nilang tama. Kaya, nang ibinato sa inyo ang katanungang ito, samu't sari ang mga tugon. Kung gayon, may kongklusyon na ba kayo ukol sa usaping ito? Ano ang dapat mong gawin kung may magtatanong sa iyo kung nananampalataya ka ba sa Makapangyarihang Diyos? Una, tanungin mo kung sino siya. Ikalawa, hilingin mo sa kanya na magpakita ng mga kredensiyal. Kung tatanungin ka niya ng iba pang personal na impormasyon, huwag magbigay ng sagot. Kahit na magpakita siya ng mga kredensiyal, huwag mong sabihin sa kanya, dahil ito ay iyong pribadong buhay. Kung ilang taon ka nang nananampalataya sa Diyos, kung sino ang nangaral ng ebanghelyo sa iyo, kung saan ka gumagawa ng mga tungkulin mo, kung gaano kalakas ang pananalig mo, kung paano mo pinipili ang landas mo sa hinaharap, kung paano mo hinahangad at kinakamit ang katotohanan—masyadong mahalaga ang mga usaping ito para basta na lang isiwalat sa sinumang hindi mo kilala. Wala siyang karapatang usisain ang gayong mahahalagang impormasyon. Kung hindi kayang lutasin ng mga lider at manggagawa ang gayong mga isyu, dapat nilang iulat kaagad ang mga ito sa ang Itaas para maghanap ng mga solusyon at humingi ng mga angkop na paraan ng pagtugon. Hindi ka kukutyain ng ang Itaas; ang pinakamasamang maaaring mangyari ay sasabihin lang nilang masyado kang hangal. Ano't anuman, ang magawang lutasin ang problema ay ang pinakamainam na resulta.

Ngayon, tungkol sa ikawalong responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang agarang pag-uulat at paghahanap kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain—pangunahin nating pinagbahaginan ang tungkol sa kung ano ang bumubuo sa mga kalituhan at paghihirap, pati na rin kung paano dapat pangasiwaan at lutasin ng mga lider at manggagawa ang mga isyung ito kapag kinakaharap nila ang mga ito, at kung paano harapin ang mga usaping ito. Tungkol naman sa kung ano ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider kapag nakakaranas sila ng mga ganitong isyu, tatalakayin natin ang parteng iyon sa susunod na pagbabahaginan.

Marso 27, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (8)

Ikawalong Aytem: Agarang Iulat at Hanapin Kung Paano Lutasin ang mga Kalituhan at Paghihirap na Nararanasan sa Gawain (Ikalawang Bahagi)

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikawalong aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain.” Bagama’t isang linya lang ang haba ng ikawalong aytem, at karaniwang iisang bagay lang ang hinihingi mula sa mga lider at manggagawa pagdating sa mga responsabilidad nila, na napakasimple, ginugol natin ang isang pagtitipon sa pakikipagbahaginan tungkol sa paksang ito. Anong mga aspekto ng paksang ito ang partikular na pinagbahaginan natin noong nakaraan? Anong mga pangunahing responsabilidad ng mga lider at manggagawa ang tinatalakay nito? (Na dapat silang magtipon-tipon at makipagbahaginan kapag nakakaranas sila ng mga kalituhan at paghihirap, at agaran nilang hanapin kung paano lutasin ang mga ito at iulat ang mga ito sa ang Itaas kung hindi sila makapagkamit ng kalinawan tungkol sa mga ito sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan.) Ang mga pangunahing responsabilidad ng mga lider at manggagawa na tinatalakay ng aytem na ito ay ang pakikilahok sa gawain, at ang pagbabad sa sarili sa iba’t ibang aytem ng tunay na gawain, upang matuklasan ang iba’t ibang problemang nararanasan sa gawain, at maagap na malutas ang mga ito. Kung nasubukan na ang iba’t ibang pamamaraan, at hindi pa rin ganap na malutas ang mga problema, at umiiral pa rin ang mga ito at nagiging mga kalituhan at paghihirap, kung gayon, hindi dapat hayaan ng mga lider at manggagawa na maipon ang mga kalituhan at paghihirap na iyon o isantabi at balewalain ang mga ito, kundi sa halip, dapat agarang mag-isip ng paraan para malutas ang mga ito. Ang pinakamainam na paraan para malutas ang mga ito ay, siyempre, ang maghanap at makipagbahaginan sa mga kapatid, pati na sa mga lider at manggagawa sa iba’t ibang antas para masolusyonan ang mga problemang ito. Kung hindi malulutas ang mga problemang ito, hindi dapat subukan ng mga lider at manggagawa na gawing tila maliliit lang ang malalaking isyu, at gawing tila hindi problema ang maliliit na isyung iyon, o basta na lang isantabi at balewalain ang mga ito. Sa halip, dapat nilang agarang iulat ang mga ito sa ang Itaas at maghanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas upang malutas ang mga ito. Sa ganitong paraan, makakausad nang maayos ang gawain, nang walang mga paghihirap at walang hadlang.

Dapat Agarang Iulat at Hanapin ng mga Lider at Manggagawa Kung Paano Lutasin ang mga Kalituhan at Paghihirap na Nararanasan sa Gawain

I. Ang Depinisyon ng “Agaran”

Binabanggit sa ikawalong aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa ang agarang pag-uulat ng mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa

gawain—napakahalaga nito. Kung natuklasan ngayon ang isang problema, pero ang solusyon sa problemang iyon ay naantala nang walo o sampung araw, o maging nang anim na buwan o isang taon, kung gayon, matatawag pa ba iyon na “agaran”? (Hindi na.) Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng “agaran”? (Nangangahulugan ito ng pag-aasikaso sa problema nang agad-agad, deretso, at ora mismo.) Hindi ba’t medyo mahigpit naman iyon? Kung gagamit tayo ng bokabularyo na may kaugnayan sa oras para ipaliwanag ito, nangangahulugan ang “agaran” ng paglutas sa problema nang agad-agad, deretso, at ora mismo, pero kung titingnan ang literal na kahulugan ng mga salitang ito, hindi ito madaling makamit ng mga tao, at hindi rin ito makatotohanan. Kaya, paano natin dapat bigyang-depinisyon ang salitang “agaran” sa tumpak na paraan? Kung hindi naman malaki ang problema pero nagiging hadlang pa rin ito sa gawain, at kung kaya itong malutas sa loob ng ilang oras, dapat itong lutasin sa loob ng ilang oras—maituturing ba ito na “agaran”? (Oo.) Ipagpalagay na medyo komplikado at mahirap ang problema, at maaari itong malutas sa loob ng dalawa o tatlong araw, pero nagsisikap ang mga tao na hanapin ang katotohanan, maghanap ng karagdagan pang impormasyon, at nagpupunyaging lutasin ito sa loob ng isang araw—hindi ba’t magiging mas kapaki-pakinabang iyon sa gawain? Sabihin nang may isang problema na hindi kayang makilatis ngayon, at kinakailangan itong siyasatin at saliksikin, na tatagal nang ilang panahon. Ang partikular na problemang ito, sa pinakamatagal, ay aabot ng tatlong araw para malutas. Kung lalampas ito sa tatlong araw, magkakaroon ng hinala na sinasadyang ipagpaliban ang solusyon, at ibig sabihin nito ay nasasayang ang oras. Kaya, dapat iulat ang problema, hanapan ng solusyon, at lutasin sa loob ng tatlong araw. Ito ang ibig sabihin ng “agaran.” Kung ang paglutas ng problema ay nangangailangan ng maraming antas ng komunikasyon at pagsisiyasat, pati na ng pagkolekta ng impormasyon mula sa iba’t ibang antas, at iba pa—kung masyadong komplikado ang iba’t ibang proseso—hindi pa rin ito dapat tumagal nang isang buwan. Sabihin na, maaaring malutas ang problema sa loob ng isang linggo kung ang mga lider at manggagawa ay magmamadali, gagawa nang mas mabilis, at pipili at gagamit ng ilang naaangkop na tao, kung gayon, sa sitwasyong ito, nangangahulugan ang “agaran” na limitahan sa isang linggo ang paglutas sa problema. Ang lumampas ng isang linggo sa paglutas ng problema ay hindi na angkop—hindi iyon agaran. Ito ang limitasyon para sa pangangasiwa sa gayong mga medyo komplikadong usapin. Saan nakabatay ang sukat ng oras na ito? Tinutukoy ito batay sa laki ng usapin at sa tindi ng kahirapan nito. Gayumpaman, karamihan sa mga bagay gaya ng mga problemang may kinalaman sa mga propesyonal na kasanayan o mga isyu ng pagiging hindi malinaw sa mga tao ng mga prinsipyo, ay maaaring malutas sa ilang pangungusap—gaano kahaba ang oras na dapat itakda sa paglutas ng mga problemang ito upang maituring ito na “agaran”? Kung bibigyang-depinisyon natin ang “agaran” batay sa laki ng usapin at tindi ng kahirapan nito, kung gayon, maaaring malutas ang karamihan sa mga usapin sa wala pang kalahating araw, at kakaunti sa mga ito ang mangangailangan marahil ng mga isang linggo sa pinakamatagal upang malutas; kung

lilitaw ang isang panibagong problema, ibang usapin na iyon. Samakatwid, kung bibigyang-depinisyon natin ang “agaran” bilang agad-agad, deretso, at ora mismo, tila isa itong mahigpit na kahilingan para sa mga tao kung ibabatay natin sa literal na kahulugan ng mga salitang ito, pero kung titingnan ang itinakdang oras, karamihan sa mga usapin ay maaaring malutas sa loob ng kalahating araw o isang araw sa pinakamatagal kung agarang mag-uulat at maghahanap ang mga tao kung paano lutasin ang mga ito. Maituturing ba itong mahirap sa aspekto ng oras? (Hindi.) At dahil hindi ito mahirap sa aspekto ng oras, dapat madali ito para sa mga lider at manggagawa na tugunan ang hinihingi na agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain, at hindi dapat patuloy na umiiral at hindi nalulutas ang mga kalituhan at paghihirap na ito, at lalong hindi dapat hayaan na maipon ang mga ito sa gawain sa loob ng mahabang panahon. Dapat alam na ninyong lahat ngayon ang konsepto ng “agaran” pagdating sa oras—ito ang isyu kung paano dapat kalkulahin ng mga lider at manggagawa ang mga sukat ng oras kapag inaasikaso ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain. Sa madaling salita, ang pinakatumpak na depinisyon ng “agaran” ay ang kumilos nang mabilis hangga’t maaari—ibig sabihin, kung maaaring iulat, hanapan ng solusyon, at lutasin ang isang problema sa loob ng kalahating araw, iyon ang dapat gawin, at kung maaari itong lutasin sa loob ng isang araw, iyon ang dapat gawin—at ang magsumikap na hindi magdulot ng anumang mga pagkaantala at na hindi pahintulutang maapektuhan ang gawain. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kapag may mga problema na nararanasan at natutuklasan sa gawain, dapat agarang makipagbahaginan ang mga lider at manggagawa at lutasin ang mga ito. Kung hindi nila kayang lutasin ang mga ito, dapat nilang iulat ang mga ito at hanapin mula sa ang Itaas kung paano lutasin ang mga ito nang mabilis hangga’t maaari, sa halip na isantabi, balewalain, at hindi seryosohin ang mga ito. Kapag may mga problemang lumitaw, dapat agarang lutasin ng mga lider at manggagawa ang mga ito, sa halip na magpatumpik-tumpik, maghintay, o umasa sa iba—hindi dapat magpakita ng ganitong mga pagpapamalas ang mga lider at manggagawa.

II. Ang mga Kahihinatnan ng Hindi Agarang Paglutas sa mga Problema

Ang pangunahing prinsipyo sa paglutas ng mga problema ay na dapat itong agarang gawin. Bakit kailangan itong agarang gawin? Kung maraming problema ang lilitaw at pagkatapos ay hindi agarang malulutas ang mga ito, sa isang banda, ang mga tao ay mananatili sa isang nalilitong kalagayan at hindi malalaman kung paano kikilos, at sa kabilang banda, kung patuloy na susulong ang mga tao batay sa isang maling pamamaraan, at sa kalaunan ay kailangan nilang gawing muli at ituwid ang gawaing nagawa nila, ano ang mga kahihinatnan, kung gayon? Marami ang maaaksaya at mauubos na tauhan, mga pinansiyal na mapagkukunan, at materyal na mapagkukunan—isa itong kawalan. Kapag may mga problemang lumitaw sa gawain, at bulag ang mga lider at manggagawa, at hindi nila agarang matuklasan at malutas ang mga problemang

ito, maraming tao ang magpapatuloy gumawa batay sa isang maling pamamaraan. Kapag natuklasan nga ng mga tao ang mga problemang ito at gusto nilang lutasin at ituwid ang mga ito, nakapagdulot na ng mga kawalan sa gawain ng iglesia ang mga isyung ito. Hindi ba't masasayang lang ang lahat ng tauhan, at ang mga pinansiyal na mapagkukunan at materyal na mapagkukunan, kung gayon? May kaugnayan ba sa pagitan ng gayong mga idinulot na kawalan at ng hindi agarang paglutas ng mga lider at manggagawa sa mga problema? (Oo.) Kung kaya ng mga lider at manggagawa na magsubaybay, mangasiwa, mag-inspeksiyon, at magbigay ng mga tagubilin para sa gawain, tiyak na magagawa nilang agarang matuklasan at malutas ang mga problema. Kung pabaya ang mga lider at manggagawa, at hindi sila magsusubaybay, mangangasiwa, mag-iinspeksiyon, at magbibigay ng mga tagubilin para sa gawain, at kung masyado silang pasibo sa aspektong ito, at maghihintay silang dumami nang sobra ang mga problema hanggang sa tuluyan nang hindi makontrol ang mga isyu bago pa nila maisipang lutasin ang mga ito o iulat ang mga ito sa ang Itaas at maghanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas, kung gayon, natupad ba ng gayong mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila? (Hindi.) Ito ay isang malubhang pagpapabaya sa responsabilidad; hindi lang sa hindi nalutas ng mga lider at manggagawa ang mga problema, kundi sa halip, nagdulot sila ng mga kawalan sa tauhan at mga materyal na mapagkukunan ng sambahayan ng Diyos, gayundin ang paglikha ng napakalaking balakid sa gawain ng iglesia. Dahil sa pagpapabaya ng mga lider at manggagawa sa responsabilidad nila, dahil sa kanilang kawalang-ingat, pagiging manhid at mapurol ang isip, at dahil hindi nila magawang agarang tuklasin at lutasin ang maraming problemang lumilitaw sa gawain, at ni hindi kayang agarang iulat ang mga ito sa ang Itaas at maghanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas, maraming gampanin ang kailangang gawin muli at, pagkatapos magawang muli ang mga ito, maraming problema ang lumilitaw dahil wala silang abilidad na hanapin ang mga prinsipyo. Habang nagpapatuloy ang ganitong mga bagay, lubhang naaantala ang petsa ng pagkokompleto sa gawain, at ang isang trabaho na dapat isang buwan ang itinatagal ay umaabot na ng tatlong buwan para matapos, at ang isang trabahong dapat tatlong buwan ang itinatagal ay umaabot na ng walo o siyam na buwan para matapos—may direktang kinalaman ito sa hindi paggawa ng tunay na gawain ng mga lider at manggagawa. Dahil ang mga lider at manggagawa ay hindi umaako ng responsabilidad sa kanilang gawain—ibig sabihin, hindi nila magawang agarang hanapin at ituwid ang mga problema kapag lumilitaw ang mga ito—patuloy na nabibigong magtamo ng mga resulta at nananatiling paralisado ang iba't ibang aytem ng gawain. At sino ang direktang responsable sa problemang ito? (Ang mga lider at manggagawa.) Samakatwid, napakahalaga para sa mga lider at manggagawa na gumawa ng tunay na gawain, at napakahalaga rin para sa kanila na makatuklas ng mga problema habang gumagawa sila ng tunay na gawain. Minsan, natutuklasan ng mga lider at manggagawa ang mga problema pero hindi nila alam kung paano lutasin ang mga ito, pero nagagawa nilang agarang iulat ang mga ito sa ang Itaas at maghanap ng mga solusyon mula sa

ang Itaas para lutasin ang mga ito, na higit na mas mahalaga. Iniisip ng maraming lider at manggagawa, “May sarili kaming mga paraan ng paggawa. Kailangan lang sabihin sa amin ng ang Itaas ang mga prinsipyo at kami na mismo ang gagawa sa natitirang tunay na gawain. Kung mahaharap kami sa anumang mga paghihirap, sapat na para sa amin ang makipagbahaginan at magdasal lang nang sama-sama dito sa ibaba.” Tungkol naman sa kalakasan ng paglutas ng mga problema, o kung masusi o epektibo ang mga solusyon nila, pareho silang walang anumang pakialam o hindi nagtatanong tungkol sa mga bagay na ito. Ito ang uri ng iresponsableng saloobin na kinikimkim nila kapag gumagawa sila, at sa huli, nangangahulugan ito na ang lahat ng aytem ng gawain sa iglesia ay hindi makakausad nang maayos, at naglalaman ng malulubhang problema na hindi nalulutas. Ito ang kahihinatnang dulot ng napakahinang kakayahan ng mga lider at manggagawa, o ng hindi nila pag-ako ng responsabilidad at hindi paggawa ng tunay na gawain.

Paghihimay-himay sa Ilang Uri ng Huwad na Lider Batay sa Ikawalong Responsabilidad

I. Mga Huwad na Lider na Nagpapanggap na Espirituwal

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa kung ano ang mga kalituhan at paghihirap, at tinukoy natin ang ilang problema na dapat agarang iulat at agarang hanapan ng mga solusyon. Sa pangkalahatan, may dalawang pangunahing uri ng mga problema. Ang unang uri ay ang mga problema sa gawain na hindi matiyak ng mga tao o hindi makilatis. Pagdating sa mga ganitong problema, masyadong nahihirapan ang mga tao na maarok ang mga prinsipyo. Bagama’t maaaring nauunawaan nila ang mga prinsipyo pagdating sa doktrina, hindi nila alam kung paano isagawa o gamitin ang mga ito. May kinalaman ang mga ganitong problema sa mga kalituhan. Ang isa pang uri ay ang mga tunay na paghihirap at problema na hindi alam ng mga tao kung paano lutasin. Medyo mas seryoso ang ganitong uri ng problema kumpara sa mga kalituhan, at ang mga ito ay mga problemang dapat ding iulat at hanapan ng mga solusyon ng mga lider at manggagawa. Noong nakaraan, pangunahin nating pinagbahaginan na responsabilidad ng mga lider at manggagawa na iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga problemang nararanasan sa gawain, at nagbahaginan tayo mula sa positibong perspektiba tungkol sa ilang bagay na dapat gawin at bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa. Ngayon, hihimayin natin kung anong mga pagpapamalas ang taglay ng mga huwad na lider kaugnay sa ikawalong aytem, at kung ginagawa ba nila o hindi ang gawain na dapat gawin ng mga lider at kung tinutupad ba o hindi ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider. Pagdating sa paglutas ng mga problemang nararanasan sa gawain, tiyak na hindi mahusay ang mga huwad na lider sa aspektong ito; nabibigo silang gawin ang aspektong ito ng gawain at nabibigo silang tuparin ang responsabilidad na ito. May isang uri ng huwad na lider na nagkikimkim ng isang kuru-kuro kapag

gumagawa, iniisip, “Hindi ako nakikisali sa mga pormalidad na iyon kapag gumagawa ako, ni binibigyang-pansin ang anumang bagay tulad ng kaalaman, pagkatuto, mga kasanayan, o dogma. Sinisiguro ko lang na malinaw kong naibabahagi ang tungkol sa katotohanan ng mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon, at sapat na iyon. Nagdaraos ako ng dalawang pagtitipon tuwing linggo para sa maliliit na grupo, nagdaraos ako ng isang pagtitipon kada dalawang linggo para sa mga lider at manggagawa, at kada buwan, nagdaraos ako ng isang malaking pagtitipon para sa lahat ng kapatid. Sapat nang inoorganisa ko nang maayos ang lahat ng ganitong klase ng mga pagtitipon.” Ito ang batayan at pamamaraan nila sa paggawa ng gawain. Ang ganitong uri ng lider at manggagawa ay patuloy lang na nagsasanay sa pangangaral ng mga sermon, at nagsisikap sila nang husto sa pagsasangkap sa sarili nila ng mga salita at doktrina—naghahanda sila ng mga balangkas, nilalaman, mga halimbawa, at katotohanang pagbabahaginan para sa bawat pagtitipon, at naghahanda rin sila ng ilang plano para sa paglutas ng ilang kalagayan at problema ng mga tao. Iniisip nila na bilang isang lider o manggagawa, kailangan lang nilang mangaral nang maayos, at pagkatapos ay natupad na nila ang mga responsabilidad nila. Iniisip nila na hindi nila kailangang mag-alala tungkol sa ibang mga bagay, gaya ng kung naaangkop ba o hindi ang paraan ng pagkapangaral sa ebanghelyo, o kung paano itinatalaga ang mga tauhan ng iglesia, o kung ang mga tauhan na gumagampan ng iba’t ibang uri ng propesyonal na gawain ay mahusay at pasok sa pamantayan—naniniwala sila na sapat na ang hayaan lang ang mga superbisor na pangasiwaan ang mga bagay na ito. Samakatwid, kahit saan magpunta ang ganitong uri ng tao, nakatutok siya sa mga pagtitipon at pangangaral ng mga sermon, at anumang uri ng pagtitipon ang idinaraos, palagi siyang nangangaral ng sermon. Sa panlabas, inaakay niya ang mga tao sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at sa pagkatutong kumanta ng mga himno, at paminsan-minsan siyang nagtatalakay tungkol sa gawain. Alam ng ganitong uri ng tao ang tungkol sa mga problemang madalas na pinagbabahaginan, gaya ng kung alin sa mga salita ng Diyos ang dapat gamitin para ikumpara sa mga problemang nararanasan ng iba’t ibang uri ng tao, pati na rin kung bakit nakakaramdam ng kahinaan ang mga tao at kung anong mga kalagayan ang umusbong sa kanila, at kung aling mga katotohanan sa mga salita ng Diyos ang dapat pagbahaginan para malutas ang mga bagay na ito. Sa kabuuan, tumatalakay ang mga sermon at pagbabahaginan ng taong ito sa maraming aspekto ng katotohanan at pagsasagawa; ang ilan ay may kinalaman sa pagpupungos, ang iba ay may kinalaman sa mga pagsubok at pagpipino, ang ilan ay may kinalaman sa pagdarasal-pagbabasa ng mga salita ng Diyos, ang ilan pa ay may kinalaman sa kung paano danasin ang paghatol at pagkastigo, at iba pa—kaya niyang makipagbahaginan nang kaunti tungkol sa iba’t ibang aspekto ng katotohanan. Kapag nakakatagpo siya ng mga bagong mananampalataya, nangangaral siya ng mga sermon para sa mga bagong mananampalataya, at kapag nakakatagpo siya ng mga taong matagal nang nananampalataya sa Diyos, kaya rin niyang mangaral ng ilang sermon tungkol sa buhay pagpasok. Pero pagdating sa

gawaing may kinalaman sa anumang propesyonal na kasanayan, hindi siya kailanman nag-uusisa tungkol sa gawain o nag-aaral ng mga bagay-bagay na kaugnay rito, at lalong hindi siya nagsusubaybay, nakikilahok, o nagsisiyasat sa anumang aytem ng gawain para lutasin ang mga problema. Sa mga mata niya, sa pangangaral ng mga sermon, pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at pagkatuto ng mga himno, gumagawa siya ng gawain, at ang mga ito ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa; bukod pa rito, ang lahat ng ibang gawain ay walang kabuluhan, problema na iyon ng ibang tao, at wala itong kinalaman sa kanya, at hangga't maayos siyang nakakapangaral ng mga sermon, puwede na siyang makampante. Ano ang ibig sabihin ng "makampante"? Nangangahulugan ito na ang pagtapos ng isang pagtitipon ay pareho ng pagtapos sa gawain niya, at kapag oras na para magpahinga, nagpapahinga siya. Anumang mga problema ang lumilitaw sa gawain ng iglesia, binabalewala niya ang mga ito, at kapag hinahanap siya ng mga tao para lutasin ang isang problema, napakahirap niyang hanapin. Gaano man kaabala ang gawain, dapat siyang makaidlip sa hapon, at nagpapasasa siya sa kaginhawahan habang ang ibang tao ay kinakayang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga. Iniisip niya, "Tapos na akong mangaral, tapos na rin ang pagtitipon, at nasabi ko na ang lahat ng dapat kong sabihin sa inyo. Ano pa ba ang gusto ninyong sabihin ko? Tapos na ang gawain ko. Kayo na ang bahala sa iba. Sinabi ko na sa inyo ang mga salita ng Diyos, kaya kumilos na lang kayo ayon sa mga prinsipyo. Tungkol naman sa anumang mga problemang lumilitaw, nasa sa inyo na iyon, at wala itong kinalaman sa akin. Dapat lumapit kayo mismo sa Diyos at magdasal, magtipon, at magbahaginan para lutasin ang mga problema. Huwag ninyo akong hanapin." Pagkatapos ng isang pagtitipon, hindi niya kailanman hinahayaan ang sinuman na magtanong, ayaw na ayaw niyang lutasin ang mga problema, at lalong wala siyang kakayahang makatuklas ng isang problema. Pagkatapos ng pagtitipon, itinuturing niyang tapos na ang gawain niya, at siya ay natutulog, kumakain, at palagiang naglilibang. Hindi ba't isa siyang huwad na lider na hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain? (Oo.)

May ilang kaso kung saan ang isang lider o manggagawa ay anim na buwan nang nasa posisyon niya, at bukod sa malalapit sa kanya, na madalas siyang nakikita, karamihan sa mga kapatid ay hindi siya magawang makita. Madalas lang siyang naririnig ng mga ito na nagbibigay ng mga sermon online, pero kapag may problema, hindi niya ito nilulutas. May ilang kapatid na nakakaranas ng mga paghihirap sa mga tungkulin nila na hindi nila alam kung paano lutasin, at masyado silang nababalisa na hindi sila mapakali, at kapag hinahanap nila ang lider nila, hindi nila ito matagpuan. Maaari bang maging mahusay sa trabaho ang ganitong uri ng lider? Walang ideya ang mga kapatid kung ano ang labis na pinagkakaabalahan ng kanilang lider araw-araw, maraming naipong problema at suliranin, at hindi nila alam kung kailan darating ang lider nila para lutasin ang mga ito. Masugid na inaabangan ng lahat ang pagdating ng lider para tumulong, pero kahit gaano sila katagal maghintay, hindi kailanman nagpapakita ang lider. Ang gayong mga lider at manggagawa ay napakailap, at magaling silang

magtago! Napakahusay nilang maghatid ng mga sermon, at pagkatapos magbigay ng sermon, nagbibihis sila nang napakagara at hindi gumagawa ng gawain, nagtatago sila sa isang tagong lugar kung saan puwede silang magpasasa sa kaginhawahan. At sa kabila ng lahat ng ito, iniisip pa rin nila na gumagawa sila nang napakahusay at nang napakawasto. Akala nila ay hindi sila nagpapakatamad, na nakapagbigay na sila ng mga sermon nila, nakapagdaos na ng mga pagtitipon nila, nakapagsabi na ng lahat ng dapat nilang sabihin, at nakapagpaliwanag na tungkol sa lahat ng bagay na dapat nilang ipaliwanag. Ayaw na ayaw nila ng malalim na pakikipag-ugnayan sa mga kapatid para magsubaybay at makilahok sa gawain, tulungan sila sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri, at tulungan silang agarang pangasiwaan at lutasin ang mga problema. Kung makakatagpo sila ng isang problema na hindi nila kayang lutasin, hindi rin nila alam kung paano ito iulat sa ang Itaas at maghanap ng solusyon mula sa ang Itaas. Hindi rin sila nagbubulay sa isipan nila, “Kaya bang sundin ng mga kapatid ang mga prinsipyo matapos marinig ang mga ito sa pagbabahaginan? At kapag muli silang makakaranas ng mga paghihirap at kalituhan sa gawain, magagawa ba nilang panghawakan ang katotohanan at pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo? Dagdag pa rito, sino ang gumaganap ng positibong papel sa gawain? At sinong mga tao ang gumaganap ng negatibong papel sa gawain? At mayroon bang sinumang mga tao na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, o sinumang sumisira sa mga bagay-bagay, o sinumang kakatwang tao na palaging nakakaisip ng masasamang ideya? Kumusta ang pag-usad ng gawain kamakailan?” Pare-pareho silang hindi nag-aalala o nag-uusisa tungkol sa gayong mga isyu. Sa panlabas, mukhang gumagawa ng gawain ang mga ganitong tao—naghahatid sila ng mga sermon, nagdaraos ng mga pagtitipon, naghahanda ng mga draft ng sermon at mga balangkas, at nagsusulat pa nga ng mga ulat sa gawain. May ilang lider na madalas ding magsulat ng mga sermon tungkol sa mga karanasan nila sa buhay; nananatili sila sa loob ng mga silid nila at nagsusulat sa loob ng tatlo o limang araw nang sunod-sunod, at nangangailangan pa nga sila ng isang tao na partikular na magsasalin ng tubig para sa kanila at maghahatid sa kanila ng pagkain, at walang ibang puwedeng makakita sa kanila. Kung sasabihin mo na hindi sila gumagawa ng tunay na gawain, pakiramdam nila ay ginawan sila ng mali: “Paanong hindi ako gumagawa ng tunay na gawain? Nakatira ako kasama ng mga kapatid at palagi akong nagdaraos ng mga pagtitipon at naghahatid ng mga sermon. Nangangaral ako ng mga sermon hanggang sa matuyo nang husto ang bibig ko, at minsan ay nagpupuyat pa nga ako.” Sa panlabas, mukhang abala talaga sila at hindi tamad—naghahatid sila ng maraming sermon, at nagsisikap nang husto sa pagsasalita at pagsusulat, regular silang nagpapadala ng mga mensahe at liham, at nagpapahayag ng mga prinsipyong hinihingi ng ang Itaas, at masigasig at matiyaga rin silang nakikipagbahaginan at nagbibigay-diin sa nilalaman sa mga pagtitipon—talaga ngang marami silang sinasabi, pero hindi sila kailanman nakikilahok sa partikular na gawain, hindi nila kailanman sinusubaybayan ang gawain, at hindi nila kailanman hinaharap ang

anumang mga problema kasama ang mga kapatid. Kung tatanungin mo sila tungkol sa kung kumusta ang pag-usad ng kung ano-anong aytem ng gawain o kung ano ang mga resulta ng gawain, wala silang alam at kailangan pa muna nilang magtanong sa iba. Kung tatanungin mo sila kung nalutas na ba ang mga problema mula noong nakaraan, sasabihin nilang nagdaos sila ng pagtitipon at nagbahaginan tungkol sa mga prinsipyo. Ipagpalagay na tatanungin mo pa sila, “Talaga bang nakaunawa ang mga kapatid matapos kang makipagbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyo? Posible pa rin bang malihis sila? Sino sa kanila ang may medyo mas mahusay na pagkaunawa sa mga prinsipyo, sino ang mas bihasa sa mga propesyonal na kasanayan, at sino ang may mas mahusay na kakayahan at karapat-dapat linangin?” Hindi nila alam ang mga sagot sa alinman sa mga katanungang ito; wala silang kaalaman sa alinman dito. Sa tuwing tatanungin mo sila tungkol sa estado ng gawain, sasabihin nila, “Nakipagbahaginan ako tungkol sa mga prinsipyo, kakatapos ko lang magdaos ng pagtitipon, at pinungusan ko lamang sila. Ipinahayag nila ang dedikasyon nila, at may determinasyon silang gawin nang maayos ang gawaing ito.” Pero pagdating sa pag-usad ng kasunod na gawain, wala silang ideya. Maituturing ba sila na pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa? (Hindi.) Ang paraan ng paggawa ng ganitong uri ng lider at manggagawa ay ang magbasa lang ng mga salita ng Diyos at mangaral ng ilang salita at doktrina sa mga tao, pero hindi nila binibigyang-pansin ang paglutas ng mga tunay na problema, at mas lalong takot pa nga silang iulat ang mga ito sa ang Itaas at maghanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas—takot na takot silang malaman ng ang Itaas ang aktuwal nilang sitwasyon. Ano ang kalikasan ng gayong mga pagkilos? Anong uri ng tao sila batay sa diwa nila? Sa tumpak na salita, ang gayong mga tao ay mga tipikal na Pariseo. Ang mga pagpapamalas ng mga Pariseo ay ganito: Marangal silang kumikilos sa panlabas, pino ang pananalita at asal nila, at binabase nila sa Bibliya ang lahat ng salita at kilos nila, at kapag nakikipagkita at nakikipag-usap sila sa mga tao, bumibigkas sila ng mga salita mula sa Bibliya, at kaya nilang ulitin ang napakaraming linya ng Bibliya mula sa memorya nila. Ang mga huwad na lider ay katulad lang ng mga Pariseo—sa panlabas, wala kang makikitang anumang kamalian sa kanila, at mukha silang napaka-espirituwal. Hindi ka makakakita ng anumang mga problema sa panlabas nilang pananalita, mga kilos, at pag-uugali, pero hindi nila kayang lutasin ang maraming problemang umiiral sa gawain ng iglesia. Kaya, ano kung gayon ang ibig sabihin ng “espirituwal” na ito? Sa mahigpit na termino, ito ay mapagpanggap na espirituwalidad. Ang mga nagpapanggap na espirituwal na tao na katulad nito ay pinanatiling labis na abala ang kanilang sarili araw-araw, palipat-lipat sa malalaki at maliliit na grupo, nangangaral ng mga salita ng Diyos kahit saan sila magpunta. Sa panlabas, tila mas mahal nila ang mga salita ng Diyos kaysa sa sinuman, na mas nagsusumikap sila sa mga salita ng Diyos kaysa sa sinuman, na mas marami silang kaalaman tungkol sa mga salita ng Diyos kaysa sa sinuman, at kaya nilang sabihin ang numero ng pahina ng anumang mahalagang sipi ng mga salita ng Diyos mula sa isipan

nila. Kapag may nakakaranas ng problema, binibigyan nila ang taong ito ng numero ng pahina ng isang nauugnay na sipi ng mga salita ng Diyos at sinasabihan siyang basahin ito. Sa panlabas, tila ginagamit nila ang mga salita ng Diyos bilang pamantayan nila sa lahat ng bagay, tila pinatototohanan ang mga salita ng Diyos tuwing may nangyayari sa kanila, at tila walang anumang mga problema sa kanila. Pero kung titingnan mong mabuti ang gawaing ginagawa nila, nakakatuklas at nakakalutas ba sila ng mga problema habang ipinapangaral nila ang mga salita at doktrinang ito? Kung, sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa katotohanan, makakahanap sila ng isang problema na hindi pa natuklasan noon sa isang aytem ng gawain, at makakalutas sila ng mga problemang hindi kaya ng iba, kung gayon, ipinapakita nito na nauunawaan nila ang mga salita ng Diyos at malinaw silang nakikipagbahaginan sa katotohanan. Ang mga nagpapanggap na espirituwal na tao ay ang mismong kabaligtaran nito. Isinasaulo nila ang mga salita ng Diyos at ipinapangaral ang mga ito kahit saan, at puno ng mga salita ng Diyos ang mga puso at isipan nila. Gayumpaman, hindi mahalaga kung lumilitaw ang isang malaki o maliit na problema sa gawain, hindi nila ito kayang makita o matuklasan. Pagkatapos ng mga pagtitipon, ang pinakakinatatakutan nila ay ang may magbanggit ng tunay na isyu at humiling sa kanila na lutasin ito, at kaya agad silang umaalis kapag tapos na ang mga pagtitipon, iniisip nila, “Kung may magtatanong sa akin at hindi ko ito masasagot, masyadong nakakaasiwa at nakakahiya iyon!” Ito ang tunay nilang tayog at tunay na kalagayan.

Isipin ninyo kung sinong mga lider at manggagawa sa paligid ninyo ang magaling sa pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga problema, at may kakayahang makisalamuha sa mga kapatid at makapagpatuloy sa gawain kasama ang mga ito kapag ginagampanan ang mga tungkulin nila—nagagawang tuparin ng mga lider at manggagawang ito ang mga responsabilidad nila. Isipin ninyo kung sinong mga lider at manggagawa sa paligid ninyo ang magaling sa pagtuklas at paglutas ng mga problema, at pinakanakatutok sa paggawa ng tunay na gawain at nakakakuha ng pinakamaraming resulta sa gawain nila—ang mga lider at manggagawang ito ay mga tapat na tao na napakaresponsable at napakamaingat. Sa kabaligtaran, kung ang isang lider ay napakahusay sa pangangaral ng mga salita at doktrina, at nangangaral sa lohikal at organisadong paraan, na may sentral na punto at nilalaman, at sa isang sistematikong paraan, at nasasabik ang mga tao sa mga sermon niya, pero palagi niyang iniiwasan ang mga kapatid, palaging natatakot na magtanong ang mga kapatid, at natatakot na lutasin at pangasiwaan ang mga problema kasama ang mga kapatid, kung gayon, nagpapanggap na espirituwal ang lider na iyon, at isa siyang huwad na lider. Anong klaseng mga tao ang mga lider at superbisor sa paligid ninyo? Sa karaniwan, bukod sa pagdalo sa mga pagtitipon at paghahatid ng mga sermon, nagsusubaybay at nakikilahok ba sila sa gawain, madalas ba silang nakakatuklas at nakakalutas ng mga problema sa gawain, o naglalaho na lang sila pagkatapos magpakita sa mga pagtitipon? Ang mga nagpapanggap na espirituwal na huwad na lider

ay palaging natatakot na wala silang maipapangaral, at na wala silang masasabi kapag nakikipagkita sila sa mga kapatid, kaya, nagsasanay silang isaulo ang mga salita ng Diyos at kung paano maghatid ng mga sermon sa kanilang mga silid. Naniniwala sila na ang pangangaral ng mga sermon ay isang bagay na maaaring matutunan at makamit sa pamamagitan ng pagsasaulo, tulad ng pagtatamo ng kaalaman o pag-aaral sa unibersidad, at na dapat nilang taglayin ang isang diwa ng walang sawa at puspusang pag-aaral. Hindi ba't baluktot ang pagkaarok ng mga huwad na lider na ito? (Oo, ganoon nga.) Ang mga taong gaya nito ay nangangaral ng mga doktrina mula sa mataas nilang posisyon, at pinag-aalala ang kanilang sarili sa ilang usapin na walang kaugnayan, at pagkatapos, inaakala nilang ginagawa nila ang gawain ng pamumuno. Hindi sila kailanman pumupunta sa lugar ng trabaho para patnubayan ang gawain o lutasin ang mga problema, kundi sa halip, madalas silang nakaupo sa mga silid nila, "nagkukulong para pagtuunan ang paglilinang sa sarili nila," sinasangkapan ang sarili nila ng mga salita ng Diyos—kinakailangan ba ito? Sa anong mga sitwasyon puwedeng isantabi ng mga lider at manggagawa nang pansamantala ang gawain ng iglesia at ang mga kapatid at pagkatapos ay sangkapan ang sarili nila ng katotohanan? Kapag hindi abala ang gawain, at nalutas na ang lahat ng problemang dapat lutasin, at ang lahat ng usaping nangangailangan ng atensiyon at mga prinsipyong dapat ipaliwanag ay naipaliwanag na, at walang anumang mga katanungan o paghihirap ang mga kapatid, at walang sinuman ang nagdudulot ng mga kaguluhan at pagkagambala, at nakakausad nang maayos ang gawain, at wala nang mga balakid, kung gayon, puwedeng basahin ng mga lider at manggagawa ang mga salita ng Diyos at sangkapan ang sarili nila ng katotohanan—ito lang ang paggawa ng tunay na gawain. Hindi ganito gumawa ang mga huwad na lider; palagi silang nakatuon sa pag-ani ng atensiyon para sa sarili nila, at gumagawa lang sila ng kaunting gawaing madaling makita ng iba upang magpakitang-gilas. Kung makakakita sila ng ilang bagong kaliwanagan sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos o sa pakikinig sa isang sermon, pakiramdam nila ay may nakamit sila, na mayroon sila ng katotohanang realidad, at pagkatapos ay nagmamadali silang maghanap ng pagkakataon para mangaral ng sermon sa iba. Nangangaral sila ng mga doktrina sa isang sistematiko, lohikal, at organisadong paraan, nang may sentral na punto at nilalaman, at sa paraang mas makapangyarihan at mas malalim pa kaysa sa isang talumpati ng isang tanyag na tao o sa isang lekturang pang-akademya, at lubos silang nasisiyahan dito. Ngunit nagbubulay sila sa kanilang sarili, "Ano ang ipapangaral ko sa susunod kapag natapos ko na ang sermon na ito? Wala na akong ibang masasabi." Kaya naman, nagmamadali silang umalis at muling "nagkukulong para pagtuunan ang paglilinang sa sarili nila," naghahanap muli ng malalalim na doktrina. Hindi sila kailanman nakikita sa lugar ng gawain ng iglesia, at kapag may mga paghihirap ang mga tao at naghihintay na malutas ang mga ito, hindi matagpuan ang mga huwad na lider na ito. Hindi ba nakakaramdam ng kawalan ng kumpiyansa at pagkabagabag ang mga huwad na lider? Hindi nila kayang lutasin ang mga tunay na problema, pero

gusto pa rin nilang mangaral ng matatayog na sermon para magpakitang-gilas. Ang mga taong ito ay sobrang walang kahihiyan.

Lahat ng huwad na lider ay kayang mangaral ng mga salita at doktrina, lahat sila ay mga nagpapanggap na espirituwal, hindi nila kayang gumawa ng anumang tunay na gawain, at hindi nila nauunawaan ang katotohanan kahit na maraming taon na silang nananampalataya sa Diyos—masasabing wala silang espirituwal na pang-unawa. Iniisip nila na ang pagiging lider ng iglesia ay nangangahulugan na kailangan lang nilang mangaral ng ilang salita at doktrina, bumigkas ng ilang islogan, at magpaliwanag ng mga salita ng Diyos nang kaunti, at pagkatapos ay mauunawaan na ng mga tao ang katotohanan. Hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng paggawa ng gawain, hindi nila alam kung ano mismo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi nila alam kung bakit pinipili mismo ng sambahayan ng Diyos ang isang tao na maging lider o manggagawa, o kung anong mga problema ang dapat nitong lutasin. Kaya, gaano man makipagbahaginan ang sambahayan ng Diyos na ang mga lider at manggagawa ay dapat magsubaybay sa gawain, magsiyasat sa gawain, at mangasiwa sa gawain, na dapat nilang agad na tuklasin at lutasin ang mga problema sa gawain, at iba pa, hindi nila iniintindi ang anuman sa mga ito at hindi nila ito nauunawaan. Hindi nila kayang abutin o kamtin ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa mga lider at manggagawa, at hindi nila maunawaan ang mga problemang nauugnay sa mga propesyonal na kasanayan na may kinalaman sa paggampan sa mga tungkulin, pati na ang isyu ng prinsipyo sa pagpili ng mga superbisor, at iba pa, at kahit na alam nila ang mga problemang ito, hindi pa rin nila kayang pangasiwaan ang mga ito. Samakatwid, sa ilalim ng pamumuno ng mga gayong huwad na lider, hindi nalulutas ang lahat ng uri ng problemang lumilitaw sa gawain ng iglesia. Hindi lang ang mga problemang nauugnay sa mga propesyonal na kasanayan ang nararanasan ng hinirang na mga tao ng Diyos kapag ginagawa ang mga tungkulin nila, kundi pati na rin ang mga suliranin sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, ay hindi nalulutas sa loob ng mahabang panahon, at kapag hindi makagawa ng tunay na gawain ang ilang lider at manggagawa o mga superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain, hindi sila agarang natatanggal o hindi agad naiaayos ang kanilang mga tungkulin, at iba pa. Wala sa mga problemang ito ang nalulutas sa agarang paraan, at dahil dito, patuloy na bumababa ang kahusayan ng iba't ibang aytem ng gawain sa iglesia, at patuloy na nababawasan ang pagiging epektibo ng gawain. Sa usapin ng mga tauhan, ang mga may kaunting kaloob at magaling magsalita ang nagiging mga lider at manggagawa, samantalang ang mga nagmamahal sa katotohanan, ang mga kayang magsikap sa mabigat na gawain, at walang kapagurang gumagawa nang walang reklamo, ay hindi naiaangat at hindi nalilinang, at itinuturing na parang mga trabahador, at ang iba't ibang teknikal na tauhan na may mga partikular na kalakasan ay hindi nagagamit nang makatwiran. Isa pa, ang ilang taong tapat na gumagawa ng mga tungkulin nila ay hindi nakakatanggap ng panustos sa buhay, kaya nalulugmok sila sa pagkanegatibo at kahinaan. Bukod pa rito, gaano man karaming

kasamaan ang ginagawa ng mga anticristo at masasamang tao, parang hindi ito nakikita ng mga huwad na lider. Kung may maglalantad sa isang masamang tao o anticristo, sasabihin pa sa kanya ng mga huwad na lider na dapat niyang tratuhin ang taong iyon nang may pagmamahal at bigyan ang mga ito ng pagkakataong magsisi. Sa paggawa niyon, tinutulutan nila ang masasamang tao at mga anticristo na gumawa ng kasamaan at magdulot ng mga kaguluhan sa iglesia, at nagdudulot ito ng mahabang pagkaantala sa pagpapaalis o pagpapatalsik sa mga masamang taong ito, hindi mananampalataya, at anticristo, at patuloy silang gumagawa ng kasamaan sa iglesia at nanggugulo sa gawain ng iglesia. Hindi kaya ng mga huwad na lider na pangasiwaan at lutasin ang alinman sa mga problemang ito; hindi nila kayang tratuhin nang patas ang mga tao o isaayos ang gawain sa makatwirang paraan, sa halip ay kumikilos sila nang walang-ingat at gumagawa lang ng ilang walang saysay na gawain, na nagreresulta sa pagkakasira at pagkakagulo sa gawain ng iglesia. Gaano man makipagbahaginan ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan o gaano man nito binibigyang-diin ang mga prinsipyong dapat sundin kapag isinasagawa ang gawain ng iglesia—pinaghihigpitan ang mga dapat paghigpitan at pinapaalis ang mga dapat paalisin mula sa iba't ibang uri ng taong gumagawa ng masama at mga hindi mananampalataya, at inaangat at nililinang ang mga taong may mahuhusay na kakayahan at abilidad na makaarok, at mga taong kayang hangarin ang katotohanan, na dapat iangat at linangin—kahit maraming beses nang pinagbahaginan ang mga bagay na ito, hindi nauunawaan o naaarok ng mga huwad na lider ang mga ito at patuloy lang nilang pinanghahawakan ang kanilang mga huwad na espirituwal na pananaw at mga "mapagmahal" na pamamaraan. Naniniwala ang mga huwad na lider na, sa ilalim ng masigasig at matiyaga nilang tagubilin, lahat ng uri ng tao ay gumagampan sa mga papel nila nang maayos, nang walang kaguluhan, at lahat ay may napakalakas na pananalig, handang gawin ang mga tungkulin nila, hindi natatakot na makulong at humarap sa panganib, at bawat tao ay may determinasyong magtiis ng pagdurusa at hindi gustong maging isang Hudas. Naniniwala sila na ang pagkakaroon ng magandang atmospera sa buhay iglesia ay nangangahulugang naging mahusay sila sa trabaho. Hindi mahalaga kung may mga pagkakataon na nagdudulot ng mga kaguluhan ang masasamang tao o nagpapakalat ng mga maling paniniwala at kamalian ang mga hindi mananampalataya sa iglesia, hindi nila itinuturing ang mga bagay na ito bilang mga problema, at nararamdaman nilang hindi na kailangang lutasin ang mga ito. Pagdating sa isang taong pinagkatiwalaan nila ng gawain na kumikilos nang walang-ingat ayon sa sarili nitong kagustuhan at nanggugulo sa gawain ng ebanghelyo, lalo pang bulag ang mga huwad na lider. Sinasabi nila, "Ipinaliwanag ko na ang mga prinsipyo ng gawain na dapat kong ipaliwanag, at paulit-ulit ko nang sinabi sa kanila kung ano ang dapat gawin. Kung may mga lumilitaw na problema, wala iyong kinalaman sa akin." Gayumpaman, hindi nila alam kung tamang tao ang taong iyon, hindi sila nag-aalala tungkol doon, at hindi nila alam kung makakapagkamit ba ng mga positibong resulta ang sinabi nila nang ipinaliwanag at sinabi

nila sa taong iyon kung ano ang dapat gawin, o kung ano ang mga kahihinatnan nito. Sa tuwing nagdaraos ng pagtitipon ang mga huwad na lider, walang tigil silang naglilitanya ng napakaraming salita at doktrina, pero ang resulta, hindi pala nila kayang lutasin ang anumang problema. Gayumpaman naniniwala pa rin sila na gumagawa sila ng dakilang gawain, natutuwa pa rin sila sa sarili nila at iniisip na kamangha-mangha sila. Sa katunayan, ang mga salita at doktrinang sinasabi nila ay kaya lamang linlangin ang mga taong naguguluhan, mangmang, at hangal, na ignorante at mahina ang kakayahan. Matapos marinig ng mga taong ito ang mga salitang ito, nalilito sila at naniniwala na talagang tama ang sinabi ng mga huwad na lider, na walang mali sa sinabi ng mga ito. Napapalugod lang ng mga huwad na lider ang mga nalilitong tao na ito at wala talaga silang kakayahan na lutasin ang mga tunay na problema. Siyempre, lalong hindi kayang harapin ng mga huwad na lider ang mga problemang may kinalaman sa mga propesyonal na kasanayan at kaalaman—ganap silang walang kapangyarihan pagdating sa mga bagay na ito. Gamitin nating halimbawa ang gawaing nakabatay sa teksto ng sambahayan ng Diyos. Ito ang gawaing pinakanagpapasakit sa ulo ng mga huwad na lider. Hindi nila matukoy nang eksakto kung sinong mga tao ang may espirituwal na pang-unawa, mahusay na kakayahan, at ang angkop sa paggawa ng gawaing nakabatay sa teksto, at itinuturing nilang may mahusay na kakayahan at espirituwal na pang-unawa ang sinumang nakasalamin at may mataas na antas ng edukasyon, kaya isinasaayos nila na ang mga taong iyon ang gumawa ng gawaing ito, sinasabi nila sa mga tao na iyon, “Lahat kayo ay may talento sa paggawa ng gawaing nakabatay sa teksto. Hindi ko nauunawaan ang gawaing ito, kaya nakasalalay ang lahat ng ito sa inyo. Wala nang iba pang hinihingi ang sambahayan ng Diyos sa inyo, kundi ang gamitin ninyo ang inyong mga kalakasan, huwag mag-atubili, at ibahagi ang lahat ng inyong natutuhan. Dapat kayong matutong maging mapagpasalamat at pasalamatan ang Diyos sa pagtataas sa inyo.” Pagkatapos magsalita ng mga huwad na lider ng ilang di-epektibo at paimbabaw na mga salita, pakiramdam nila ay naisaayos na ang gawain, at nagawa na nila ang lahat ng kailangan nilang gawin. Hindi nila alam kung angkop o hindi ang mga tao na isinaayos nila na gumawa ng gawaing ito, at hindi nila alam kung ano ang mga kakulangan ng mga taong ito pagdating sa propesyonal na kaalaman, o kung paano nila dapat punan ang mga kakulangang iyon. Hindi nila alam kung paano tingnan at kilatisin ang mga tao, hindi nila nauunawaan ang mga propesyonal na problema, ni nauunawaan ang kaalamang may kaugnayan sa pagsusulat—lubos silang ignorante sa mga bagay na ito. Sinasabi nilang hindi nila nauunawaan o naaarok ang mga bagay na ito, pero sa puso nila, iniisip nila, “Hindi ba’t kayo ay mas edukado at mas may kaalaman lamang nang kaunti kaysa sa akin? Kahit na hindi ko kayo magabayan sa gawaing ito, mas espirituwal ako kaysa sa inyo, mas mahusay ako sa pagbibigay ng mga sermon kaysa sa inyo, at mas nauunawaan ko ang mga salita ng Diyos kaysa sa inyo. Ako ang namumuno sa inyo, ako ang nakatataas sa inyo. Dapat akong mamahala sa inyo, at kailangan ninyong gawin ang sinasabi ko.” Itinuturing ng mga huwad na lider

ang sarili nila bilang nakatataas, pero wala silang maisip na anumang kapaki-pakinabang na mungkahi kaugnay ng anumang gawain na nauugnay sa mga propesyonal na kasanayan, at hindi rin nila kayang magbigay ng anumang paggabay. Sa pinakamainam, mahusay nilang naisasaayos ang mga tauhan; hindi nila kayang gawin ang anuman sa mga kasunod na gawain. Hindi nila sinusubukang magkamit ng propesyonal na kaalaman, at hindi nila sinusubaybayan ang gawain. Lahat ng huwad na lider ay nagpapanggap na espirituwal; ang kaya lang nilang gawin ay mangaral ng ilang salita at doktrina at pagkatapos ay iniisip nila na nauunawaan na nila ang katotohanan at palaging nagpapakitang-gilas sa harap ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sa bawat pagtitipon, nangangaral sila sa loob ng ilang oras, gayumpaman, lumalabas na hindi nila kayang lutasin ang anumang problema. Lubos silang ignorante pagdating sa mga problemang may kaugnayan sa propesyonal na kaalaman sa mga tungkulin ng mga tao; malinaw na mga karaniwang tao sila, pero nagpapanggap silang espirituwal, pinamamahalaan ang gawain ng mga eksperto—paano nila magagawa nang maayos ang gawain sa ganitong paraan? Nakakasuklam na sa mga tao ang hindi pagsisikap ng mga huwad na lider na matuto ng propesyonal na kaalaman at ang kawalan nila ng kakayahang gumawa ng anumang tunay na gawain, at dagdag pa rito, nagpapanggap sila bilang mga espirituwal na tao at ipinagmamalaki nila ang kanilang mga espirituwal na salita, na lubhang walang katwiran! Wala itong pagkakaiba sa mga Pariseo. Ang pinakamalaking pagkukulang ng mga Pariseo sa katwiran ay kinasusuklaman sila ng Diyos, pero wala silang lubos na kamalayan dito at itinuturing pa rin nila ang sarili nila na napakahusay at napaka-espirituwal. Ganito kawalang kamalayan sa sarili ang mga huwad na lider; malinaw na hindi nila kayang gumawa ng anumang tunay na gawain at gayumpaman ay nagpapanggap silang espirituwal, sila ay nagiging mapagpaimbabaw na mga Pariseo. Sila mismo ang mga itinataboy at itinitiwalag ng Diyos.

Ano ang pangunahing katangian ng mga huwad na lider na nagpapanggap bilang mga espirituwal na tao? Iyon ay ang kahusayan nila sa pagbibigay ng mga sermon. Ang mga “sermon” na ito ay hindi tunay na mga sermon. Ang mga ito ay hindi mga sermon na nagbabahagi tungkol sa katotohanan, ni mga sermon na nagtataglay ng katotohanang realidad. Sa halip, ang mga ito ay mga sermon na binubuo ng mga salita at doktrina; ang mga ito ay mga nagpapanggap na espirituwal na sermon, mga sermon ng mga Pariseo. Napakahusay ng mga huwad na lider sa pagsisikap sa mga salita at parirala ng mga salita ng Diyos, binibigyan nila ng espesyal na atensiyon sa pangangaral ng mga salita at doktrina, ngunit hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan sa mga salita ng Diyos at hindi kailanman pinagninilayan kung paano sila dapat pumasok sa katotohanang realidad. Kontento na sila sa kakayahang mangaral lamang ng mga salita at doktrina; kapag naipaliwanag na nila ang doktrina nang malinaw at may lohika, iniisip nilang sapat na iyon at na mayroon na silang katotohanang realidad, na maaari silang humarap sa iba at gumamit ng awtoridad nila, at pangaralan ang mga tao mula sa mataas nilang posisyon. Sa panlabas, ang sinasabi at ginagawa nila ay tila nauugnay

sa katotohanan, hindi sila mukhang nagdudulot ng mga pagkagambala o kaguluhan, ni nagtataguyod ng mga maling kasabihan o nag-uudyok ng mga maling kaugalian. Subalit may isang isyu, na hindi nila kayang pasanin ang anumang tunay na gawain, o tuparin ang kahit katiting nilang responsabilidad, na sa wakas, ay humahantong sa kawalan nila ng kakayahang makatuklas ng anumang mga problema sa gawain. Ang paraan nila ng paggawa ay katulad ng isang bulag na nangangapa sa dilim: Palagi nilang sinusunod ang mga damdamin at imahinasyon nila para bulag na ilapat ang mga regulasyon sa mga bagay-bagay, ganap na walang kakayahang makita nang malinaw ang diwa ng mga problema, at gayumpaman, naglilitanya pa rin sila ng walang kabuluhan tungkol sa mga ito—hindi nila kayang lutasin ang anumang tunay na problema. Kung talagang nauunawaan ng isang huwad na lider ang katotohanan, likas niyang matutuklasan ang mga problema at mahahanap ang katotohanan para lutasin ang mga ito. Ngunit malinaw na hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang katotohanan, pero nagpapanggap silang espirituwal, iniisip na kaya nila mismong gawin ang gawain ng iglesia, walang konsensiyang nangangahas na tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan nila. Hindi ba't kamuhi-muhi ito? Iniisip nila na mayroon silang tunay na kasanayan—na kaya nilang mangaral. Pero hindi talaga nila kayang gumawa ng tunay na gawain. Ang mga salita at doktrinang alam at ipinapangaral ng mga huwad na lider ay hindi nakakatulong sa kanila na magawa nang maayos ang gawain nila, hindi rin ito nakakatulong sa kanila na makatuklas ng mga problema sa gawain, at lalong hindi ito nakakatulong sa kanila na lutasin ang lahat ng problemang kinakaharap nila. Pagkatapos gumawa nang ilang panahon, hindi nila kayang magsalita tungkol sa anumang patotoong batay sa karanasan. Pasok ba sa pamantayan ang gayong lider o manggagawa? Napakalinaw na hindi. At paano dapat pangasiwaan ang mga huwad na lider na hindi pasok sa pamantayan? Hindi lang sila dapat tanggalin at itiwalag, kundi, kung hindi sila magsisisi, hindi na sila puwedeng piliing muli na magserbisyo bilang lider o manggagawa kapag nagkaroon ng halalan. Kung may maghahalal ng isang huwad na lider o manggagawa na natiwalag, sinasadya niyang guluhin at sirain ang gawain ng iglesia at ipinapakita nito na ang bumoto ay isang tagasamba at tagasunod ng huwad na lider na iyon, at hindi isang taong tunay na nananampalataya sa Diyos. Ni minsan ba ay nakapaghalal na kayo ng isang nagpapanggap na espirituwal na huwad na lider? (Oo.) Palagay Ko ay marami-rami ang nahalal ninyo na ganoon. Iniisip ninyo na ang sinumang nananampalataya sa Diyos nang napakaraming taon, nakabasa na ng maraming salita ng Diyos at nakarinig ng maraming sermon, na may maraming karanasan sa pangangaral at paggawa, na kayang mangaral nang mahabang oras, ay tiyak na may kakayahang gumawa ng gawain. Pagkatapos ninyong ihalal ang gayong mga tao bilang lider, nakatuklas kayo ng isang seryosong problema: Hindi sila kailanman mahanap at matagpuan ng mga kapatid kapag mayroong isyu. Walang nakakaalam kung saan sila nagtatago, at nagtatago sila sa kung saan at hindi hinahayaang abalahin sila ng sinuman. Iyon ay isang problema. Palagi silang naglalaro ng tagu-taguan sa mga kritikal na sandali sa gawain at hindi sila

kailanman mahanap ng mga kapatid kapag kinakailangan sila upang lutasin ang isang problema—hindi ba't pinapabayaan nila ang mga nararapat nilang tungkulin? Bakit hindi naglalakas-loob ang ilang tao na harapin ang mga kapatid sa sandaling naging lider na sila? Bakit sila hindi matagpuan? Ano ba talaga ang pinagkakaabalahan nila? Bakit hindi nila nilulutas ang mga tunay na problema? Anuman ang pinagkakaabalahan nila, isang bagay ang matitiyak ninyo rito: Kung matagal-tagal na silang hindi gumagawa ng tunay na gawain, sila ay isang huwad na lider, at dapat silang tanggalin kaagad, at dapat may ibang ihalal. Ihahalal ba ninyo ang ganitong uri ng huwad na lider sa hinaharap? (Hindi.) Bakit hindi? Ano sa tingin ninyo ang kahihinatnan ng pagpili sa isang bulag na tao bilang gabay ninyo? Ang taong iyon mismo ay bulag, kaya, magagabayan ba niya ang iba sa tamang landas? Gaya ng sinasabi ng mga salita ng Diyos sa Bibliya, "Kung ang bulag ay umakay sa bulag, ay kapwa sila mangahuhulog sa hukay" (Mateo 15:14). Naglalakad ang isang bulag na tao nang walang direksiyon o layon; paano niya magagabayan ang iba? Kung pipili ang isang tao ng bulag na tao bilang gabay niya, mas maituturing pa siyang bulag kaysa rito. May isang kasabihan ang mga walang pananampalataya: "pagtatanong ng daan sa isang bulag." Ang paghalal sa isang huwad na lider para magsilbi bilang lider ng iglesia ay tulad ng pagtatanong ng daan sa isang bulag. Ito ay isang kahangalan, hindi ba? Ang lahat ng bumoboto sa isang huwad na lider ay mga bulag na tao na pumipili ng bulag, at wala ni isa sa kanila ang nakakaunawa sa katotohanan.

Kapag pumipili ang ilang tao ng isang nagpapanggap na espirituwal na tao bilang lider, labis silang natutuwa, iniisip nila, "May mahusay na lider na tayo ngayon. Talagang magaling magbigay ng sermon ang lider natin. Nangangaral siya sa isang napakalohikal at napakasistematikong paraan, at lubos na may kabuluhan ang mga sermon niya." Napapaiyak ang ilang tao na walang pagkilatis, nakakaramdam sila ng matinding pagkagiliw sa lider na ito, ni ayaw nilang umalis para gampanan ang mga tungkulin nila. Nauunawaan nila nang napakalinaw ang mga bagay-bagay kapag nakikinig sila sa pagbabahaginan, pero kapag nakakatuklas sila ng mga isyu habang ginagawa ang tungkulin nila, hindi nila alam kung paano lutasin ang mga ito at naguguluhan sila, iniisip, "Parang nauunawaan ko ang lahat kapag nakikinig ako sa pakikipagbahaginan ng lider, kaya, bakit hindi ko malutas ang mga paghihirap na nararanasan ko sa gawain ko?" Ano ang problema rito? Ang ipinapangaral ng ganitong uri ng huwad na lider ay puro salita at doktrina, mga hungkag na parirala, islogan, at walang kabuluhan. Ang ipinapangaral nila ay hindi nakakalutas sa iyong mga tunay na isyu; naloko ka ng mga taong ito. Pinapakain ka nila ng mga ilusyon, nagsasabi ng ilang islogan para paniwalain ka na nalutas na ang mga problema, samantalang sa katunayan, hindi sila nakikipagbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyo kaugnay ng iyong mga problema. Paano malulutas ang mga problema sa ganitong paraan ng pakikipagbahaginan? Ang mga doktrinang ipinapangaral nila ay walang kinalaman sa mga tunay na isyu; iniiwasan lang nila ang diwa ng lahat ng isyu at nagsasalita tungkol sa mga teorya sa hungkag na paraan. Nangangaral sila ng puro salita at doktrina, at mga espirituwal na teorya. Wala silang ideya kung ano ang

katotohanang realidad, at kapag lumilitaw ang mga problema, nalilito sila. Hindi nakakalutas ng mga tunay na problema ang mga sermon na ibinibigay nila, isang uri ng teorya lang ang mga ito, isang uri ng kaalaman at doktrina. Ang ganitong uri ng huwad na lider ay nangangaral ng mga salita ng Diyos at ng katotohanan na para bang ang mga ito ay mga uri ng salita at doktrina at islogan. Iniiwasan nila ang lahat ng tunay na problema at nangangaral lang sila ng mga salitang hungkag at hindi praktikal. At ano ang mangyayari sa huli? Kahit gaano pa sila katagal mangaral, sa pinakamainam, ang kanilang mga sermon ay magkakaroon ng epekto ng panghihikayat at panghihimok sa mga tao, ginagawang medyo mas masigasig ang mga tao at nagbibigay ng dagdag na lakas, pero hindi nila kayang lutasin ang anumang iba pang isyu. Ang katotohanan ay hindi hiwalay sa realidad, kundi sa halip, nauugnay ito sa realidad at sa iba't ibang uri ng isyu na aktuwal na umiiral. Kaya, makakaya na ba ninyo ngayon na makilatis ang mga nagpapanggap na espirituwal na huwad na lider kapag nakaharap ninyo sila sa susunod? Kung hindi pa, kapag gusto ninyong bumoto sa isang tao na maging lider, ipalutas muna ninyo sa kanya ang ilang isyu. Kung malulutas niya ang mga ito ayon sa mga prinsipyo, at kung magkakamit siya ng magagandang resulta at malulutas ang mga isyu gamit ang katotohanang realidad, kung gayon, puwede ninyo siyang iboto; kung iiwas siya at hindi niya tatalakayin ang diwa ng mga problema at ang tunay na sitwasyon, at ang magagawa lang niya ay mangaral ng doktrina sa hungkag na paraan, sumigaw ng mga islogan, at sumunod sa mga regulasyon, kung gayon, hindi ninyo puwedeng iboto ang taong iyon. Bakit hindi ninyo puwedeng iboto ang taong iyon? (Dahil hindi niya kayang lumutas ng mga tunay na problema.) At anong klase ng tao ang hindi kayang lumutas ng mga tunay na problema? Isang tao na puro salita at doktrina lang ang kayang ipangaral—siya ay isang mapagpaimbabaw, mapagpanggap na espirituwal na Pariseo. Wala siyang taglay na kakayahang kinakailangan para maunawaan ang katotohanan, wala siyang abilidad na lumutas ng mga isyu, hindi niya kayang lumutas ng mga problema, at kaya, kung pipiliin mo siya bilang lider, tiyak na magiging isa siyang huwad na lider. Wala siyang kakayahan na gawin ang gawain ng isang lider o tuparin ang mga responsabilidad ng isang lider. Kaya, hindi ba't pipinsalain mo lang siya kung iboboto mo siya? Sinasabi ng ilang tao, "Paanong pamiminsala iyon sa kanya? Mabuti naman ang intensiyon namin sa pagboto sa kanya. Mayroon siyang kaunting kakayahan, at kung ihahalal natin siya, hindi ba't magkakaroon na tayo ng isang taong kayang umako ng responsabilidad sa gawain?" Siyempre, isang mabuting bagay ang magkaroon ng isang taong mag-aako ng responsabilidad, pero hindi kaya ng ganitong klase ng tao na umako ng responsabilidad. Ang kaya lang niyang gawin ay magsalita tungkol sa mga teorya sa hungkag na paraan, hindi niya isinasaalang-alang ang tunay na sitwasyon, at wala siyang naitutulong pagdating sa paglutas ng mga problema, kaya kung iboboto mo siya, hindi ba't binibigyan mo siya ng pagkakataon na gumawa ng masama? Hindi ba't pinipilit mo siyang tahakin ang landas ng isang huwad na lider? Samakatwid, hindi ka dapat pumili ng gayong klase ng mga tao para maging mga lider.

Kaya ba ninyong kilatisin kung sino sa mga tao sa paligid ninyo—na madalas ninyong nakakasalamuha at medyo pamilyar na kayo—ang nakapagsasalita lamang ng tungkol sa mga doktrina sa isang hungkag na paraan at hindi kayang lumutas ng mga tunay na problema? Na palaging nangangaral ng matatayog na teorya at nagmumungkahi ng mga bago at katangi-tanging plano na hindi pa kailanman narinig ng sinuman, pero natitigilan at hindi makapagsalita kapag tinanong kung paano isagawa o ipatupad ang mga partikular na plano ng operasyon at ang mga kongkretong detalye? Ang sinasabi nila ay lubhang hungkag at ganap na hindi makatotohanan, hindi nauugnay o alinsunod sa tunay na sitwasyon, sa aktuwal na kapaligiran, kung ano ang talagang kayang kamtin ng mga tao, mga tayog ng mga tao, at antas ng mga propesyonal nilang kasanayan. Dagdag pa rito, hindi naaayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos ang sinasabi nila; basta silang nagsasalita ng walang kabuluhan, sila ay nagpapasasa sa pantasya, at pabigla-bigla lang nilang sinasabi ang anumang pumapasok sa isip nila. Iniisip nila na hindi nila kailangang managot sa anumang sinasabi nila, kahit pa nagmamayabang o nagmamalaki sila. Sa ganitong saloobin, ipinapahayag nila ang mga pananaw nila at iminumungkahi ang mga ideya nila—hindi ba't sila ay mga nagpapanggap na espirituwal na tao? (Oo.) Naniniwala ang ilang tao na hindi sineseryoso ng sinuman ang pagmamayabang, pagmamalaki, o ang tila matatayog pakinggang ideya, at naipapakita nila kung gaano sila kahusay. Iniisip nila na kung magkamali sila, hindi nila kailangang managot dito, at kung makagawa sila nang tama, titingalain sila ng lahat, kaya, sinasabi nila ang kahit anong gusto nila at ginagawang napakadali ang lahat ng bagay. Marami silang ideya, pero wala ni isa sa mga ito ang may partikular na plano ng pagsasagawa at maaaring maipatupad nang maayos. Hindi nila sineseryoso ang anumang pananaw na iminumungkahi nila, dalisay man o baluktot ito. Iba ang sinasabi nila ngayon sa sasabihin nila bukas, at bagama't napakatayog ng mga pananaw, teorya, at batayan na pinag-uusapan nila, lahat ng ito ay hungkag at hindi praktikal. Paminsan-minsan, nagtatalakay sila ng plano na hindi hungkag o baluktot, pero kapag tinanong sila kung paano partikular na isasagawa ang plano, hindi nila masabi. Kapag sumisigaw ng mga islogan, nagsasalita ng tila matatayog pakinggang salita, at nagpapahayag ng mga pananaw, napakamasigasig at napakaaktibo nila. Pero pagdating sa paggawa ng partikular na gawain at pagpapatupad ng mga partikular na plano, naglalaho sila nang walang bakas, nagtatago sila, at wala na silang mga pananaw. Puwede bang maging mga lider ang ganitong mga tao? (Hindi.) Kung gayon, ano ang magiging mga kahihinatnan kung ang mga taong tulad nito ay magiging mga lider? Hindi ba't mapipinsala nila ang sarili nila at ang iba? Magdudulot sila ng pagkaantala sa gawain ng iglesia, at higit pa rito, magdudulot sila ng malaking pinsala sa sarili nila. Ang mga doktrinang ipinangangaral nila ay limitado lang, at kapag tapos na silang mangaral ng mga ito, wala na silang ibang masabi, at kaya, palagi nilang kailangang magtago at "magkulong para pagtuunan ang paglilinang sa sarili nila." Hindi ba't magiging mahirap ito para sa kanila? Sa sandaling maging lider sila, mararamdaman nilang parang tatlong

malalaking bundok ang nakapatong sa ulo nila, araw-araw silang mapapagod nang husto at lubha silang mabibigatan—ano ang silbi ng pagdurusa nila nang ganito? Wala silang kakayahang maging lider, at kapag nakakaranas sila ng mga problema, basta nalang silang gumagamit ng mga regulasyon ayon sa sarili nilang mga imahinasyon at hindi nila kayang lutasin ang mga tunay na isyu—hindi puwedeng maging mga lider ang ganitong mga tao. Hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, kaya magiging mga huwad na lider sila, at iisipin pa rin nilang napakahusay nila kahit na nagdudulot sila ng mga pagkaantala sa buhay pagpasok ng mga kapatid. Kung matutuklasan at maaarok ninyo ang kakayahan at karakter ng mga nagpapanggap na espirituwal na taong ito, iboboto pa rin ba ninyo sila bilang mga lider? Kung ikaw mismo ay ganitong uri ng tao at may gustong bumoto sa iyo, ano ang gagawin mo? (Magkakaroon ako ng kaunting kamalayan sa sarili, at sasabihin kong hindi ako angkop na maging isang lider.) At kung, matapos mong ipahayag ito, iniisip pa rin ng lahat na mahusay ka at pinipilit nilang iboto ka, ano ang dapat mong gawin? Sabihin mo sa kanila, “Hindi ko kayang gawin ang gawain ng pamumuno, hindi ko kayang pasanin ang gawaing iyon. Mukha akong may kaunting kakayahan sa panlabas, at minsan ay mayroon akong ilang magandang ideya at nagbibigay ng kaunting liwanag, pero kadalasan, puro salita at doktrina lang ang ipinapangaral ko. Talagang hindi ako puwedeng maging isang lider o manggagawa. Hindi ako mas mahusay kaysa sa inyo. Anuman ang gawin ninyo, pakiusap, huwag ninyo akong iboto. Kahit ako pa ang makakuha ng pinakamaraming boto, hindi pa rin ako puwedeng maging isang lider. Hindi ko puwedeng pinsalain ang sinuman! Nagserbisyo na ako bilang isang lider noon, at sa bawat pagkakataon, nabibigo at natatanggal ako. Sa tuwing natatanggal ako, iyon ay dahil mahina ang kakayahan ko, wala akong kapabilidad sa gawain at hindi ko kayang gumawa ng tunay na gawain. Ang kaya ko lang gawin ay ang mangaral ng mga salita at doktrina, at bukod doon, hindi ko kayang gumampan nang maayos o isakatuparan ni isa sa mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider. Naging isa akong huwad na lider.” Ito ay pagkakaroon ng kamalayan sa sarili, hindi lang pagsasabi ng ilang salita tungkol sa pagiging hindi angkop na maging isang lider at iyon na iyon. Iniisip ng ilang tao, “Napakaraming taon ko nang ginampanan ang tungkulin ko sa grupong ito at dapat akong ituring na isang miyembro ng mga nakatataas na tauhan sa anumang kaso. Kahit wala akong naiambag kailanman, nagsumikap ako, kaya, bakit walang nakatuklas sa mga kalakasan ko? May potensyal akong maging lider. Madalas akong mayroong mga kaisipan, ideya at mungkahi na talagang may halaga at mayroong praktikal na silbi. Tanggapin man ng mga lider ang mga ito o hindi, sa ano’t ano man, isa akong taong may mga saloobin, ideya, at pananaw. Bakit walang sinumang bumoboto sa akin?” Kung ganito ka mag-isip, puwede mong suriin ang sarili mo nang ganito: Mga pahayag lang ba iyong mga kaisipan, ideya, at mungkahi mo, o talagang may praktikal na silbi ang mga iyon? Nakakatuklas at nakakalutas ka ba ng iba’t ibang klase ng mga paghihirap na nararanasan sa gawain? Magagamit ba ang mga kaisipan at ideya mo? Kaya mo bang pasanin ang gawain?

Kung nananatiling mga salita at doktrina ang mga kaisipan at pananaw mo, kung sadyang walang praktikal na silbi ang mga ito, at higit pa rito, kung sadyang hindi nakaayon ang mga ito sa mga prinsipyo ng gawain ng sambahayan ng Diyos, ano ba talaga ang kakayahan mo? Kapag napili ka bilang isang lider, magagawa mo bang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Gusto mo bang maging lider dahil sa ambisyon, o dahil sa pagpapahalaga sa pasanin? Kung talagang nagtataglay ka ng kapabilidad sa gawain at ng abilidad na lumutas ng mga isyu, at kapag nakikita mong napakahina ng ilang lider at manggagawa sa pagsasagawa ng gawain at hindi kayang lumutas ng anumang mga problema, nababalisa ka dahil dito, at nagmumungkahi ka sa kanila pero hindi sila nakikinig, at hindi nila kayang lumutas ng mga isyu pero hindi nila iniuulat ang mga ito sa ang Itaas, at nag-aalala at nababalisa ka para sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at nakakaramdam ka ng matinding sama ng loob kapag nakikita mong nagdudulot ng mga pagkaantala sa gawain ng iglesia ang mga huwad na lider, ipinapakita nito na mayroon kang pagpapahalaga sa pasanin. Gayumpaman, kung gusto mong makuha ang pagsang-ayon ng lahat, makahanap ng mas maraming tagapanood, at makahikayat ng mas maraming tao na makikinig sa iyo na mangaral at magsermon, dahil lang mayroon kang ilang ideya, at kung gusto mong mamukod-tangi sa karamihan, hindi ito pagpapahalaga sa pasanin—ito ay ambisyon. Ang mga ambisyosong tao ay kaya lamang mangaral ng mga salita at doktrina, at ang anumang mga ideya na mayroon sila ay mga hungkag na salita at doktrina lang din. Kapag nagiging mga lider ang mga taong gaya nito, tiyak na magiging mga huwad na lider sila, at kung sila ay masasamang tao, sila ay mga anticristo. Kung mananatiling mga hungkag na salita ang mga ideya mo, kapag naging lider ka na, siguradong magiging katulad ka lang ng bawat nagpapanggap na espirituwal na huwad na lider. Palagi kang “magkukulong para pagtuunan ang paglilinang sa sarili mo,” kung hindi, makakaramdam ka ng krisis at walang maipapangaral. Kung pareho ka lang sa kanila, at habang nangangaral ka mula sa mataas na posisyon, hindi mo kayang makatuklas ng anumang mga problema na umiiral sa gawain, at likas na hindi mo rin kayang lutasin ang anumang mga problema, tiyak na magiging isa kang huwad na lider. At ano ang nangyayari sa mga huwad na lider sa huli? Natatanggal sila sa mga posisyon nila dahil hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain—nakatakda silang tahakin ang landas na ito.

Maraming tao ang palaging nakakaramdam ng galit at handang gumawa ng hakbang sa puso nila, at sa tuwing dumarating ang panahon ng pagpili ng isang lider o superbisor, palagi nilang gustong sila ang mapili. Iniisip ng ilang tao na sila ang may pinakamatagal na taon na nananampalataya sa Diyos, nagtiis sila ng pinakamatinding paghihirap, ginampanan nila ang tungkulin nila sa pinakamahabang panahon at nang may pinakamatibay na katapatan, at na sila ang pinakakarapat-dapat na maging lider, at kaya gusto nilang sila ang piliin ng ibang tao. Ano ang kaya mong gawin kung pipiliin ka ng ibang tao? Maiiwasan mo bang makuha ang titulo ng huwad na lider? Magagawa

mo bang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Pawang mga tunay na problema ang mga ito, pero walang sinuman ang nagsasaalang-alang sa mga bagay na tulad nito. Sa mga taong ito, may ilan na sapat ang kakayahan. Kaya nilang hanapin ang katotohanan kapag may mga problema sa tungkulin nila, at kapag naunawaan nila ang katotohanan at nagagawa nilang pangasiwaan ang mga usapin ayon sa mga prinsipyo, maaari silang maging pasok sa pamantayan. Kung ang mga taong ito ay nakakaunawa, nagmamahal, at naghahangad sa katotohanan, at dagdag pa rito, may medyo mabuting pagkatao, hindi sila magkakaroon ng anumang problema para maging mga lider at manggagawa na pasok sa pamantayan—hindi ito magiging napakahirap para sa kanila. May ilang tao na palaging nagrereklamo na mahirap ang gawaing ginagawa nila, hindi sila handang magsikap o magbayad ng halaga pagdating sa katotohanan, at nagmamaktol sila kapag napupungusan. Puwede bang maging mga lider at manggagawa na pasok sa pamantayan ang gayong mga tao? Sadyang mali ang intensyon at saloobin nila, hindi sila mga taong naghahangad sa katotohanan, at kahit ano pa ang hinihingi ng Diyos sa kanila, nananatiling negatibo ang saloobin nila. Ang mga ganitong tao ay hindi karapat-dapat maging mga lider at manggagawa. Wala silang pagpapahalaga sa pasanin sa puso nila, at kahit gaano pa kalinaw o kaliwanag ang pagkakalatag sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, ayaw pa rin nilang magsumikap na gawin nang maayos ang gawain. Sa totoo lang, hindi naman mahirap gawin nang maayos ang gawain. Bakit hindi ito mahirap? Una, may mga partikular na pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos para sa lahat ng gawain ng iglesia at gumawa na ng mga espesipikong tuntunin ang ang Itaas para dito, kaya, hindi hinihingi sa inyo na maging makabago sa anumang aytem ng gawain, o tapusin ito nang mag-isa. Binigyan kayo ng ang Itaas ng isang saklaw at direksyon, at binigyan kayo ng mga prinsipyo, at ng mga pinakamababang pamantayan; sa paggampan ng gawain ninyo, hindi kayo nag-aaksaya ng lakas nang walang patutunguhan, o walang direksyon. Ikalawa, sa anumang aytem ng gawain, kahit sino pa ang superbisor, o nakatuon man sa lokal o sa labas ng bansa ang gawain, ang pinakapangunahing bagay ay na ang Itaas na Brother ay partikular na nagsusubaybay, gumagabay, nangangasiwa, nag-iinspeksiyon, at nagsasagawa ng pagsusuri sa gawain, at madalas na nag-uusisa. Gaano kapartikular ang mga kilos na ito? Personal na nakikibahagi at nagsusubaybay ang Itaas na Brother sa bawat iskrip, pelikula, programa, himno, at iba pa. Nakikibahagi rin Ako sa ilang gawain, binibigyan kayo ng pangkalahatang direksyon at balangkas. Ikatlo, para sa anumang aspekto ng gawain na may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo, madalas ding nakikipagbahaginan sa inyo ang ang Itaas tungkol sa mga katotohanang prinsipyo at gumagabay sa gawain ninyo; pinupungusan din kayo ng ang Itaas, nagsasagawa ng pagsusuri sa inyo, at sa anumang oras, itinutuwid ng ang Itaas ang mga pagkabaluktot ninyo. Ikaapat, pagdating sa mahahalagang gawain sa tauhan at administrasyon, personal kayong tinutulungan ng ang Itaas sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri at ng paggawa ng mga desisyon. Sa katunayan, anuman

ang gawaing ginagawa ninyo, hindi ninyo ito tinatapos nang mag-isa; lahat ay isinaayos, pinamunuan, pinatnubayan, at sinuri ng ang Itaas. Kaya, ano itong ginagawa ninyo? Tinatamasa lang ninyo ang mga bagay na nakahanda na—masyado kayong pinagpala! Hindi ninyo kailangang mag-alala tungkol sa anuman; kailangan lang ninyong gumawa gamit ang mga kamay at paa ninyo. Ito ang gawaing nakatakda sa inyo. Ni minsan ba ay nagbayad kayo ng karagdagang halaga? (Hindi.) Ginawa ng ang Itaas ang lahat ng pangunahin at mahalagang gawaing ito; samakatwid, ang gawaing ginagawa ninyo ay pawang napakadali at walang anumang malalaking paghihirap. Sa ilalim ng gayong mga sitwasyon, kung hindi pa rin nagagawa ng mga tao nang maayos ang gawain nila, walang kapatawaran iyon, at pinapatunayan nito na sadyang hindi nila isinasapuso at pinagsisikapan ang gawain nila o tinutupad ang mga responsabilidad nila. Sinasabi ng ilang tao, “Sino ba ang walang anumang mga isyu kapag gumagawa ng gawain? Hindi ba puwedeng magkaroon ng anumang mga isyu ang mga tao?” Hindi hinihingi sa inyo na makakuha ng perpektong marka sa gawain ninyo; hinihingi lang sa inyo na makapasa kayo, at pagkatapos ay maituturing nang natupad ninyo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Masyado bang mataas ang hinihinging ito? (Hindi.) Madaling makakuha ng pasadong marka batay sa patnubay at pagsusuri ng ang Itaas; nakasalalay lang ito sa kung taos-puso bang hinahangad ng mga tao ang katotohanan. Kung hindi sila magsisikap pagdating sa katotohanan, at palagi nilang gustong maging pabaya, at kung nasisiyahan na sila na iniraraos lang ang gawain, hindi gumagawa ng anumang masama, hindi nagdudulot ng anumang mga kaguluhan o pagkagambala, at hindi nababagabag ang konsensiya nila sa anumang bagay, hindi sila makakakuha ng pasadong marka. Karamihan sa mga lider at manggagawa ay may ganitong uri ng saloobin kapag gumagawa; gumagawa sila ng kaunting gawain pero ayaw nilang mapagod nang husto, kontento na sila sa pagiging karaniwan lang, at tungkol naman sa kung ano ang mga resulta ng gawain nila, iniisip nila na iyon ay gawain ng Diyos at na wala itong kinalaman sa kanila. Katanggap-tanggap ba ang saloobing ito? Kung mayroon kang gayong saloobin, napakalimitado ng gawaing kaya mong gawin, at hindi mo ibinubuhos ang lahat ng makakaya mo rito, na nagpapahiwatig na hindi mo kayang gumawa ng tunay na gawain o na hindi ka gumagawa ng tunay na gawain, at kaya, dapat kang ilarawan bilang isang huwad na lider—ito ay ganap na naaangkop at hindi ito di-makatarungan. Palaging sinasabi ng ilang tao, “Masyadong mataas ang mga hinihingi Mo sa amin. Kung hindi namin gagawin ang gawaing ito, kami ay mga huwad na lider, at kung hindi namin matutugunan ang hinihinging iyon, kami rin ay mga huwad na lider. Ano ba ang tingin Mo sa amin? Hindi kami mga robot, hindi kami perpekto. Mga ordinaryong tao lang kami, mga mortal lang kami. Sinasabi Mo sa amin na maging mga ordinaryong tao, mga karaniwang tao, pero bakit napakataas ng mga hinihingi Mo sa amin bilang mga lider?” Sa totoo lang, hindi mataas ang mga hinihingi Ko sa inyo. Hinihiling Ko lang sa iyo na tuparin ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng isang tao. Ito ay isang bagay na dapat at kailangan mong gawin, at isa itong bagay na kaya

mong matamo bilang lider at manggagawa. Kung, gayumpaman, ay hindi ka nagsisikap na magpunyagi tungo sa katotohanan, at palaging natatakot na magdusa ng paghihirap at palaging nag-iimbot ng kaginhawahan, anuman ang mga dahilan o palusot mo, tiyak na magiging isa kang huwad na lider. Katulad ito ng mga bagay na dapat makamit ng mga taong may normal na pagkatao at na dapat asikasuhin mismo ng mga taong nasa hustong gulang, gaya ng kung anong oras dapat gumising sa umaga ang isang taong nasa hustong gulang, kung ilang beses siyang dapat kumain at ilang oras siya dapat magtrabaho sa isang araw, at kung kailan niya dapat labhan ang marurumi niyang damit—dapat ikaw mismo ang mag-asikaso ng mga bagay na ito, at hindi mo na kailangan pang itanong sa iba ang tungkol sa mga ito. Kung itatanong mo sa ibang tao ang lahat ng bagay at wala kang nauunawaan na kahit ano, hindi ba't nangangahulugan ito na kulang ka sa talino, at na isa kang hangal? Hindi ba't nangangahulugan ito na hindi mo kayang alagaan ang sarili mo? Puwede bang maging mga lider ang ganitong mga tao? Hindi ba't mga huwad na lider sila? Dapat tanggalin ang gayong mga tao. Ang mga taong tulad nito ay gusto pa ring kumapit sa posisyon nila at hindi bumaba, at gusto pa rin nilang maging mga lider! Matapos tanggalin ang ilang huwad na lider, pakiramdam nila ay ginawan sila ng mali at hindi sila tumitigil sa pag-iyak dahil dito. Umiiyak sila hanggang sa mamugto ang mga mata nila. Bakit sila umiiyak? Hindi nila alam kung anong uri sila. Kapag sinabi Ko na hindi mataas ang mga hinihingi Ko sa mga tao, ang ibig Kong sabihin ay na ang hinihiling sa iyo na gawin ay ang bagay na kaya mong makamit; ang daan ay nakalatag na para sa iyo at naitakda na ang saklaw, at nagawa na ang mga desisyon, at kailangan mo na lang kumilos. Para itong pagkain: Ang mga butil, gulay, lahat ng klase ng pampalasa, mga lutuan, at kalan ay inihanda na para sa iyo, at ang kailangan mo lang gawin ay matutong magluto; ito ang dapat gawin at kamtin ng isang taong nasa hustong gulang. Kung hindi mo ito makakamit, isa kang hangal, at hindi ka maituturing na pasok sa saklaw ng katalinuhan ng mga normal na taong nasa hustong gulang. Hindi kayang gawin ng ilang lider ang tunay na gawaing ito, kaya dapat silang tanggalin. Kung gayon, paano natin mabibigyang-depinisyon at matutukoy kung ang isang tao ay may kakayanang gawin ang ganitong uri ng gawain? Kung taglay mo ang talino at kakayahan ng isang taong nasa hustong gulang, at taglay mo ang pagiging maingat at pagpapahalaga sa responsabilidad na dapat taglayin ng isang taong nasa hustong gulang, dapat ay kaya mong gawin ang ganitong uri ng gawain. Kung hindi mo kaya, o hindi mo ito ginagawa, isa kang huwad na lider. Ganoon natutukoy ito, at tumpak ang ganitong paraan ng pagtukoy. Hindi ito pagkondena o paghusga sa isang tao, kaya, malupit ba ito? Nakalatag ang lahat ng katunayan, at hindi ito malupit sa anumang paraan.

II. Mga Huwad na Lider na Mahina ang Kakayahan

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng isang uri ng huwad na lider patungkol sa agarang pag-uulat at paghahanap kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain, kasama ang mga dahilan kung

bakit hindi magawang tuparin ng mga taong gaya nito ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang gayong mga tao ay nagpapanggap na espirituwal; dahil hindi nila matuklasan ang mga kalituhan at paghihirap sa gawain, hindi nila magawang tuparin ang responsabilidad na ito. Ito ay isang uri ng tao. Mayroong isa pang uri ng tao: Kapareho sila ng mga nagpapanggap na espirituwal na taong iyon—hindi rin nila matuklasan ang mga problemang umiiral sa gawain, at kaya, hindi nila agarang naiuulat ang mga ito sa ang Itaas at hindi rin sila nakakapaghanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas. Ang gayong mga tao ay abala rin sa gawain, nagpapakaabala sila buong araw nang hindi nagpapakatamad. Abala sila sa pagbibigay ng mga sermon, sa pagbisita sa mga kapatid sa iba't ibang lugar, sa pagsasaayos sa gawain, at maging sa pagbili ng iba't ibang uri ng aytem para sa gawain ng iglesia. Kung may isang taong nagkasakit, tinutulungan nila ito na makahanap ng doktor; kung may isang taong nagkaroon ng mga problema sa bahay, tinutulungan nila ito sa pamamagitan ng pagsasaayos ng tulong pinansiyal; kung nasa masamang kalagayan ang isang tao, nagkukusa silang suportahan ito at aktibong tumutulong na lutasin ang mga problema nito. Sa madaling salita, palagi silang abala sa ilang gawain sa pangkalahatang usapin. Wala silang pakialam sa tunay na gawain ng iglesia, sa gawain ng ebanghelyo, at sa mga problema sa buhay iglesia. Araw-araw, nagpapakapagod sila sa pagmamadali, at nananatili silang abala sa pangangasiwa at paglutas ng mga usapin ng iglesia at ng mga personal na isyu ng mga kapatid. Iniisip nila na, bilang mga lider, dapat nilang gampanan ang mga gampaning ito, pero hindi nila kailanman napagtatanto kung ano ang mahalagang gawain ng isang lider, at kahit gaano sila magsikap, hindi pa rin nila mahanap ang mga tunay at kritikal na problema na umiiral sa iglesia. At kaya, kapag lumilitaw ang mga kaguluhan at balakid sa buhay iglesia, at kapag nakakaranas ang mga hinirang ng Diyos ng mga paghihirap sa buhay pagpasok, hindi agarang nalulutas ng mga lider na ito ang mga bagay na ito. Bagama't abala silang gumagawa at araw-araw silang hindi nagpapakatamad, ano ba ang makakamit nila sa pagiging ganito kaabala? Maraming problema ang umiiral sa gawain ng iglesia, pero hindi nila matuklasan ang mga ito. Sa panlabas, mukha silang masipag, maingat, at hindi tamad, ngunit sunod-sunod na lumilitaw ang problema sa gawain, at abala sila sa pag-aayos ng mga butas, abala sa paglutas ng lahat ng uri ng "mga komplikado at mahirap na problema" at sa pakikitungo sa lahat ng uri ng masasamang tao at mga taong nagdudulot ng kaguluhan at panggagambala na lumilitaw sa iglesia. Nagpapakaabala sila sa gawain gaya nito, pero hindi nila magawang kilatisin maging ang mga pinakasimpleng problema. Hindi nila magawang kilatisin nang malinaw kung ano ang mabuting pagkatao at kung ano ang masamang pagkatao, kung ano ang mahusay na kakayahan at kung ano ang mahinang kakayahan, kung ano ang pagtataglay ng tunay na talento at kaalaman at kung ano ang pagkakaroon ng mga kaloob. Hindi rin nila kayang makilatis kung aling mga uri ng tao ang nililinang ng sambahayan ng Diyos at kung aling mga uri ang itinitiwalag nito, kung sinong mga tao ang naghahangad sa katotohanan at kung sino ang hindi, kung sino ang

kusang-loob na gumagawa ng tungkulin nila at kung sino ang hindi gumagawa ng kanilang tungkulin, kung sinong mga tao ang maaaring maging perpekto upang maging mga tao ng Diyos, at kung sinong mga tao ang mga trabahador, at iba pa. Itinuturing nilang mga pangunahing target ng paglilinang ang mga tao na magaling magpakahambog at maglitanya ng mga hungkag na teorya, pero hindi kayang gumawa ng tunay na gawain, at isinasaayos nila ang mga ito na gumampan at pinagkakatiwalaan ang mga ito ng mahalagang gawain, samantalang ipinagpapaliban nila ang pag-aangat at paglilinang ng mga may dalisay na pagkaarok, kakayahan, at abilidad na maunawaan ang katotohanan, dahil lang sa hindi pa gaanong matagal na nananampalataya sa Diyos ang mga taong iyon o dahil nagbunyag ng mayabang na disposisyon ang mga iyon. Madalas lumilitaw sa iglesia ang mga problemang gaya nito at nakakaapekto ito sa pag-usad ng gawain ng iglesia. Ito ang mga tunay na problema, pero hindi makita o matuklasan ng ganitong klaseng lider ang mga ito at ganap pa nga nilang hindi nababatid ang mga ito. Kapag nagdudulot ang masasamang tao ng mga kaguluhan at pagkagambala, binibigyan nila ang mga ito ng pagkakataon na sumailalim sa obserbasyon at pagnilayan ng mga ito ang sarili, samantalang kapag ang iba, na hindi masasamang tao, ay paminsan-minsang nakakagawa ng maliliit na pagkakamali dahil bata pa at walang-muwang at kumikilos nang walang mga prinsipyo—mga pagkakamaling hindi isyu ng prinsipyo—itinuturing ng ganitong uri ng lider ang mga pagkakamaling ito bilang mga kasalanang hindi mapapatawad at pinapauwi nila ang mga taong ito. Ang ganitong uri ng huwad na lider ay abala sa gawain araw-araw at, sa panlabas, mukha silang nagsusumikap nang husto at gumugugol ng marami nilang oras, pero kahit paano pa sila gumawa, walang nakakatanggap ng tunay na panustos sa buhay mula rito. Anuman ang mga problema at paghihirap na mayroon ang mga hinirang ng Diyos, hindi kayang lutasin ng ganitong uri ng huwad na lider ang mga ito sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, at ang magagawa lang nila ay ang hikayatin ang mga hinirang ng Diyos nang may pusong mapagmahal, at ang mangaral ng mga salita at doktrina para palakasin ang loob ng mga hinirang ng Diyos. Samakatwid, sa ilalim ng pamumuno ng gayong mga tao, hindi nakakatanggap ang mga hinirang ng Diyos ng panustos sa buhay, nananampalataya lang sila sa Diyos at ginagampanan ang mga tungkulin nila batay sa sigasig, at wala silang nakakamit na buhay pagpasok—gaano katagal silang magpapatuloy nang ganito? Bilang resulta, madalas na negatibo at mahina ang ilang tao at palagi nilang pinananabikan ang pagdating ng araw ng Diyos, at palabo nang palabo para sa kanila ang mga pangitain, at kapag nakakaranas sila ng mga isyu, nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, at pinagdududahan pa nga ng iba ang Diyos at nagbabantay sila laban sa Kanya. Kapag nahaharap sa mga ganitong problema ang mga huwad na lider, ganap na hindi nila magawang lutasin ang mga ito, at ang tanging ginagawa nila ay ang iwasan ang mga ito. Hindi sila kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos o nagdarasal sa Diyos kasama ang mga hinirang ng Diyos upang hanapin ang

katotohanan at lutasin ang mga isyu—hindi nila kailanman ginagampanan ang gawaing ito. Araw-araw, abala lang sila sa ilang gawain sa pangkalahatang usapin at mga partikular na usaping panlabas, mga usaping walang kinalaman sa buhay pagpasok o sa katotohanan. Iniisip nila na basta't abala sila sa paggawa ng mga bagay-bagay, ibig sabihin nito ay ginagampanan na nila ang tungkulin nila at tinutupad ang mga responsabilidad nila, at na imposibleng maging mga huwad na lider sila. Sa katunayan, ang pagiging abala nila sa mga pangkalahatang usapin na ito ay hindi nakakatulong sa mga kapatid na umusad man lang sa buhay, at lalong hindi nito nabibigyang-daan ang mga hinirang ng Diyos na makapasok sa katotohanang realidad. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't may problema sa kakayahan ng ganitong uri ng huwad na lider? Wala silang pagkilatis sa anumang bagay, at iniisip nila na basta't abala silang gumagawa, maglalaho na lang ang lahat ng problema, at malulutas nang kusa. Hindi ba't masyadong naguguluhan ang mga taong ito? Hindi ba't napakahina ng kakayahan nila? Hindi nila makilatis ang anumang bagay, hindi nila kayang gawin ang anumang tunay na gawain, at dahil dito, sila ay tunay na mga huwad na lider at huwad na manggagawa. Ito ay isang usapin na pinakamadaling makilatis.

Ang mga huwad na lider at huwad na manggagawa ay umiiral ngayon sa mga iglesia kahit saan. Umaasa lang sila sa sigasig nila para gumawa at wala silang anumang pagkaunawa sa katotohanan. Hindi nila alam kung ano ang gawain ng isang lider o manggagawa, ni kayang magbahagi tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga isyu—ginugugol nila ang buong araw sa walang-direksiyong pagiging abala sa ilang gawain sa pangkalahatang usapin. Halimbawa, sabihin na kailangang bumili ang iglesia ng isang aytem. Hindi ito isang malaking gampanin; kailangan lang maisaayos ang isang taong may kaalaman kaugnay sa bagay na iyon para bumili nito. Gayumpaman, takot ang isang huwad na lider na gumastos ng napakalaking pera, at kaya, nagsaayos siya ng isang tao para bumisita sa ilang lugar upang bilhin ang pinakamurang aytem. Ang resulta nito ay na bumili sila ng isang murang produkto na nasira pagkatapos lamang ng ilang araw na paggamit, at kinailangan nilang bumili ng isa pa. Bukod sa hindi sila nakatipid ng pera, sa kabaligtaran, mas gumastos pa sila sa huli. Ito ba ay isang maprinsipyong paraan ng pangangasiwa sa gampanin? Hindi kailangan ang sikat na tatak kapag bumibili, pero ang nararapat na gawin ay bumili kahit papaano ng isang bagay na may angkop na kalidad at magagamit. Masyadong nag-aalala ang mga huwad na lider tungkol sa gawain sa pangkalahatang usapin, at walang masama roon. Gayumpaman, hindi nila sineseryoso ang kritikal na gawain ng sambahayan ng Diyos, at isa itong malaking pagkakamali; ito ang hindi nila paggampan ng mahalagang gawain. Ang mga aytem ng gawain tulad ng gawain ng ebanghelyo, gawain ng paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, gawaing pangvideo ng patotoong batay sa karanasan, at ang gawain ng pag-aayos sa mga tauhang lider at manggagawa, ay pawang napakahalaga, pero hindi ito itinuturing na mahalaga ng mga huwad na lider, at isinasantabi at binabalewala nila ang mga aytem na ito ng gawain. Kulang ang

kakayahan nila at hindi alam kung paano gawin ang gawain, pero hindi rin sila sumusubok matuto, sa halip, iniisip nila, “Ayos lang basta’t may isang tao na namamahala sa gawaing ito. Tiyak na hindi rin naman ako kailangan? Pinangangasiwaan ko ang mahahalagang trabaho. Maliliit na bagay lang ang mga ito na hindi ko kailangang alalahanin. Kapag nasabi ko na sa kanila ang mga prinsipyo, tapos na ang trabaho ko.” Sa panlabas, mukhang napakaabala ng mga huwad na lider, pero kapag tiningnan mo ang mga bagay na pinagkakaabalahan nilang gawin, wala ni isa sa mga ito ang isang kritikal na piraso ng gawain ng iglesia, wala ni isa sa mga ito ang nagtutustos para sa buhay ng mga tao, at wala ni isa sa mga ito ang isang piraso ng gawain na gumagamit ng katotohanan para lutasin ang mga isyu. Ang mga bagay na pinagkakaabalahan nila ay walang anumang halaga, at ang mga huwad na lider na ito ay basta na lang nagpapakaabala nang walang direksiyon. Hindi nila alam kung anong gawain ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa upang umayon sa mga layunin ng Diyos; umaasa lang sila sa sigasig nila para magpakaabala sa ilang gampaning nasisiyahan silang gawin. Detalyado silang nag-uusisa tungkol sa maliliit na usaping walang kaugnayan sa gawain ng iglesia, gaya ng kung ano ang isinusuot na mga damit ng mga kapatid, kung ano ang estilo ng buhok ng mga ito, kung paano ang mga ito nakikisalamuha sa iba, at kung paano ang mga ito nagsasalita at umaasal. Iniisip nila na ito ay tanda ng kanilang pagiging magiliw at madaling lapitan, at na ang paglutas sa mga isyu sa tunay na buhay ng mga tao ay isang bagay na dapat gawin ng isang lider, isang bagay na dapat taglayin ng normal na pagkatao. Subalit hindi nila sineseryoso ang kritikal na gawain ng gawain ng ebanghelyo, gawain ng paggawa ng pelikula, gawain sa himno, gawaing nakabatay sa teksto, gawaing administratibo, ang gawain ng pagdidilig sa mga bagong mananampalataya, ang gawain ng pagtatatag ng mga iglesia, ang gawain ng pag-aangat at paglilinang sa mga tao, at iba pa. Hindi sila nakikilahok sa alinman sa gawaing ito, at hindi rin nila ito sinusubaybayan; para bang walang kinalaman sa kanila ang gawaing ito. Hindi nilulutas ng mga huwad na lider na ito ang maraming problemang naiipon sa iglesia, hindi nila tinatanggal ang mga huwad na lider na dapat nilang tanggalin, hindi nila hinihigpitan o pinangangasiwaan ang masasamang taong gumagawa ng kasamaan at nag-aamok sa paggawa ng masasamang bagay, at hindi sila nagbabahagi tungkol sa katotohanan para lutasin ang isyu ng ilang tao sa pagiging pabasta-basta, walang pagpipigil at walang disiplina, at patumpik-tumpik sa paggampan ng mga tungkulin nila. Anong problema ito? Hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga aktuwal na problemang ito—sila ba ay mga taong gumagawa ng tunay na gawain? Ang mga di-mahalaga at walang kaugnayang gampanin na ginagampanan nila ay tila napakaimportante at napakahalaga para sa kanilang mga puso. Pinagkakaabalahan nila ang mga walang kuwentang bagay na iyon buong araw, naniniwalang tinutupad nila ang mga responsabilidad nila at nagiging tapat sila, pero hindi sila gumagawa ng kahit isang mahalagang aytem ng gawain na ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila—hindi ba’t mga huwad na lider ang mga taong gaya nito? Katumbas sila ng mga direktor ng mga sub-distritong opisina sa

lipunan, sila ay sadyang mga pakialamero sa kapitbahayan—kung gayon, sila ba ay mga lider at manggagawa pa rin ng sambahayan ng Diyos? Sila ay tunay na mga huwad na lider at huwad na manggagawa. Sa anong kadahilanan ang mga taong ito ay inilalarawan bilang mga huwad na lider at huwad na manggagawa? (Dahil masyadong mahina ang kakayahan nila, hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, at ang kaya lang nilang gawin ay ang pangasiwaan ang ilang maliit na bagay.) Ito ang partikular na dahilan. Masyadong mahina ang kakayahan ng mga taong ito; gaano man karami ang sermong pinapakinggan nila, gaano man karaming pagsasaayos ng gawain ang binabasa nila, gaano man karaming taon na nilang ginagampanan ang tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos, o gaano man karaming taon na silang lider, hindi nila kailanman alam kung ano ang ginagawa nila, kung tama o mali ba ang ginagawa nila, o kung tinutupad ba nila ang mga responsabilidad na dapat nilang tuparin. Ang depinisyon nila sa bansag at titulo ng mga lider o manggagawa ay na ayos lang basta't abala sila. Tulad ng isang asno na iniikot ang isang gilingan, patuloy na humihila hanggang sa hindi na sila makagalaw, at itinuturing nila ito na pagtupad ng mga responsabilidad nila. Kahit saang direksiyon man sila humihila, at tama man o hindi ang lakas na ibinubuhos nila sa paghila, para sa kanila, tinutupad nila ang mga responsabilidad nila. Maraming isyu ang hindi nila kayang makilatis, at hindi rin nila sinusubukang lutasin o iulat ang mga ito sa ang Itaas at humanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas. Gaano man karaming taon silang gumagawa o gaano man karaming taon silang nakikipag-ugnayan sa mga tao, hindi man lang nila alam kung ang mga pagpapamalas ng isang tao ay nabibilang sa isang bagong mananampalataya na may mababaw na pundasyon sa pananalig niya at na hindi nauunawaan ang katotohanan, o nabibilang sa isang hindi mananampalataya, at hindi rin nila alam kung paano nila dapat kilatisin o ilarawan ang mga ito. Kapag may dalawang tao na parehong nasa negatibong kalagayan, hindi nila alam kung sino sa mga ito ang karapat-dapat linangin at kung sino ang hindi; kapag medyo pabaya ang dalawang tao sa paggawa ng kanilang mga tungkulin, hindi nila kayang tukuyin kung sino sa mga ito ang naghahangad sa katotohanan at kung sino sa mga ito ang trabahador, kung sino sa mga ito ang may kakayahang pumasok sa katotohanang realidad at kung sino sa mga ito ang walang katotohanang realidad. Hindi nila alam kung sinong mga tao ang potensyal na susunod sa landas ng mga anticristo sa sandaling maging mga lider ang mga ito, kahit na nakasama na nila ang mga taong ito sa loob ng ilang taon. Gaano man karaming walang kabuluhang pagkilos ang ginagawa nila o gaano karaming walang saysay na trabaho ang ginagampanan nila o gaano karaming problema ang nasa paligid nila, hindi nila nababatid ang mga ito, at hindi nila napagtatanto na mga isyu ang mga ito. Dahil ang gayong mga tao ay mahina ang kakayahan, magulo ang pag-iisip, at walang kakayahang gumampan ng gawain, napakahirap para sa kanila na tuparin ang mga responsabilidad ng isang lider o manggagawa. Bukod sa kakayahang gumawa ng ilang simpleng gawain sa pangkalahatang usapin, ang ganitong mga lider at manggagawa ay

walang kakayahang gumawa ng anumang bagay na nauugnay sa mahalagang gawain ng iglesia, at hindi nila kayang makita o malutas ang anumang mga tunay na problema sa gawain. Karapat-dapat bang linangin ang ganitong uri ng lider na may ganitong klase ng kakayahan? Hindi man lang nila alam kung ano ang mga kalituhan o mga paghihirap, at mas lalong hindi nila napapangasiwaan ang mga ito ayon sa mga prinsipyo. Kahit napakakaraniwan ng mga problemang nararanasan sa gawain ng iglesia, hindi pa rin nila kayang ibuod at iklasipika ang mga ito, ni hindi rin nila alam kung paano magbahagi tungkol sa katotohanan para malutas ang mga ito—palaging hindi kayang pangasiwaan o lutasin ng ganitong uri ng huwad na lider ang mga problemang ito na madalas lumilitaw sa iglesia. Ang pinakamalaking isyu nila ay hindi ang kawalan ng kahandaan nilang magbayad ng halaga, o ang takot nilang maging abala at mapagod, kundi ang pagkakaroon nila ng mahinang kakayahan, malabong isipan, at kawalan ng kakayahang gawin ang mahalagang gawain at tunay na gawain ng iglesia. Sa halip, ginagawa lang nila ang ilang gawain sa pangkalahatang usapin o sila ay nasisiyahan sa pag-aalala sa mga bagay na walang kaugnayan, at pagkatapos ay gusto nilang gampanan ang papel ng mga lider at manggagawa—hindi ba't sila ay mga taong naguguluhan na may masyadong malaking mga ambisyon at pagnanais? Ang mga lider na may mahinang kakayahan ay pare-parehong hindi kayang gawin ang pangunahing gawain ng iglesia, gawain na may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo, o komplikadong propesyonal na gawain, tulad ng gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, gawain ng pagdidilig sa mga bagong mananampalataya sa iglesia, gawain ng paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, at gawain ng mga tauhan na may kinalaman sa mga lider at manggagawa sa iba't ibang antas. Bakit hindi nila kayang gawin ang gawaing ito? Ito ay dahil ang kakayahan nila ay napakahina at hindi nila kayang maarok ang mga prinsipyo; pare-pareho silang bigo sa gawaing ito at wala silang kakayahang matuto kung paano ito gawin. Halimbawa, sabihin nating ang isang lider na gaya nito ay binigyan ng limang tao at inatasang magtalaga ng gawain sa limang taong ito batay sa antas ng pinag-aralan, kakayahan at mga kalakasan, at karakter ng mga ito. Isa ba itong gampanin na madaling gampanan? May kaugnayan ba ito sa kakayahan ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Medyo tumpak na maitatalaga ng mga lider at manggagawa na may katamtamang kakayahan ang gawain matapos gumugol ng kaunting oras sa pag-oobserba, pakikisama, at pagkilala sa limang tao. Isipin ng mga lider at manggagawa na may mahinang kakayahan na masyadong marami ang limang tao; kapag masyadong marami ang tao, nalilito sila at hindi alam kung paano magtalaga ng gawain sa mga ito, at kahit na magtalaga sila ng gawain sa mga ito, hindi nila alam sa puso nila kung ginagawa ba nila ito sa naaangkop na paraan o hindi. Ito ay sa aspekto ng mga tauhan. Pagdating sa pangangasiwa ng mga bagay, halimbawa, kung kailangan nilang pangasiwaan at lutasin ang dalawa o tatlong isyu nang sabay-sabay, hindi nila alam kung paano husgahan at kilatisin ang kaugnayan sa pagitan ng mga bagay na ito, ni hindi nila kayang timbangin kung aling problema ang dapat unang lutasin, at kung aling

problema ang puwedeng lutasin pagkatapos nang hindi nagdudulot ng anumang pagkaantala. Ibig sabihin, hindi nila alam kung paano timbangin ang mga kalamangan at kahinaan, hindi nila alam kung paano unahin ang mga gampanin ayon sa kahalagahan at kaapurahan, at kung paano lumutas ng mga problema. Gayumpaman, dahil mga lider at manggagawa sila, kahit na hindi nila nauunawaan ang isang bagay, kailangan nilang magpanggap na nakakaunawa sila, kahit hindi nila naaarok ang isang bagay, kailangan nilang magkunwari na nakakaarok sila, at wala silang magawa kundi magpatuloy at mangaral ng ilang doktrina para mairaos lang ang gawain, at magsalita ng ilang masarap pakinggan na salita at mabilisang tapusin ang mga bagay-bagay. Ganap na malinaw sa kanila kung ang sinasabi nila ay tumpak o hindi, kung nakaayon ito sa mga prinsipyo o hindi, kung kaya nitong lutasin ang mga isyu o hindi, pero gusto lang nilang iraos ito. Alam na alam nila na hindi nila malulutas ang mga isyu sa ginagawa nila, pero hindi pa rin nila iniuulat ang mga problema sa ang Itaas, at kaya, sa huli ay nagdudulot sila ng mga pagkaantala sa gawain at nauuwi sa pagkatanggal nila. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't mga hangal ang mga taong ito? Kapag nag-uulat ng mga problema ang ilang lider at manggagawa, isinasalaysay nila ang lahat ng luma at di-mahalagang pangyayari mula noon hanggang sa kasalukuyan, at pagkatapos nilang magsalita ng maraming bagay, kailangan mo pa rin silang tulungan na suriin at husgahan kung ano ang mga problemang umiiral. Ni hindi nila nauunawaan kung paano maglahad ng isang isyu, at kaya nilang magsalita nang ilang oras nang hindi malinaw na ipinapaliwanag kung ano ang pokus at diwa ng isang isyu. Ang lahat ng sinasabi nila ay nauugnay lang sa mababababaw na bagay at puro walang kabuluhan lang! Hindi ba't isa itong kaso ng pagiging masyadong mahina ng kakayahan nila at ng kakulangan nila sa pag-iisip? Handa bang makinig ang mga taong may kakayahan sa ganitong mga bagay? Ang taong kausap nila ay gusto lang malaman kung ano ang kasalukuyang sitwasyon at mga pagpapamalas ng taong iniuulat nila, at kung anong kalagayan ang ikinalilito nila at hindi nila malutas. Subalit, palaging ikinukuwento ng mga taong ito kung anong gawain ang ginawa ng taong iyon sa nakaraan, at hindi nila pinag-uusapan ang tungkol sa kasalukuyang sitwasyon ng taong iyon, o sinasabi kung anong mga kalituhan at problema ang mayroon mismo sila. Napakarami nilang sinasabi, pero walang makakapagsabi kung ano mismo ang pinag-uusapan nila. Kahit gusto nilang magtanong, hindi nila alam kung saan magsisimula, kung paano ito ipapahayag sa paraang epektibo at nagpapahintulot sa mga tao na maunawaan ang mga ito—ni wala silang abilidad na iorganisa ang kanilang wika. Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng sobrang mahinang kakayahan? Ang ilang huwad na lider ay may mahinang kakayahan, at kapag nag-uulat sila ng isang isyu, nagsasabi sila ng maraming walang kabuluhan at di-maunawaang bagay, at pagkatapos iniisip nila, "Nabigyan kita ng sapat na maraming impormasyon, hindi ba? Sinabi ko pa nga sa iyo ang lahat ng nakaraan at kasalukuyan tungkol sa isyung ito, kaya hindi ba't masasabi mo na ngayon kung ano ang gusto kong itanong?" Kahit ano pa ang itanong mo sa kanila o kahit paano mo sila gabayan, hindi nila alam

kung ano ang sasabihin at hindi kailanman kayang sabihin ang pangunahing punto ng isyu. Hindi ito dahil kulang sila sa mga salita para ipahayag ang sarili nila o dahil may mababa silang pinag-aralan, kundi sa halip, ito ay dahil mahina ang kakayahan nila at wala silang utak, kaya hindi nila alam kung paano ipahayag ang mga bagay na ito, magulo ang isipan nila, at hindi nila kayang ipaliwanag nang malinaw ang sarili nila para maunawaan sila ng iba. Mayroon silang kaunting pagpapahalaga sa pasanin, at habang lumilipas ang panahon, nagkakaroon sila ng kaunting kamalayan sa ilang isyu, pero hindi nila alam kung paano ipahayag ang mga ito, hindi nila magawang maarok kung ano ang diwa ng mga isyu, lalo na ang ibuod ang mga ito. Kaya bang gumawa ng gawain ang mga taong may ganito kahinang kakayahan? Kaya ba nilang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Hindi, hindi nila kaya. Kahit bigyan mo sila ng oras at mga pagkakataon at pahintulutan silang iulat at ilarawan ang mga problema, hindi nila magawa ito, kaya, magagawa mo pa rin bang makipag-usap sa gayong mga tao? Magagamit pa rin ba sila? (Hindi.) Bakit hindi sila magagamit? Hindi man lang sila makapagsalita nang malinaw, at ni wala silang pinakabatayang likas na ugali ng isang tao na gumamit ng wika para ipahayag ang kanilang mga kaisipan, ideya, at saloobin, kaya, anong gawain ang kaya nilang gawin? Bagama't maaaring mayroon silang kaunting kalakasan, tunay na sigasig, kaunting pagpapahalaga sa responsabilidad, at ganap na matuwid na puso, masyadong mahina ang kakayahan nila, hindi nila kayang matuto ng anumang bagay kahit paano mo sila turuan, at kahit pa turuan mo sila kung paano magsalita hindi nila makuha ang tamang paraan, at kaya, maiinis at magagalit ka. Kapag nagsasalita sila, nagiging magulo ito, at iniiwan kang nalilito; hindi sila makapagsalita ng anumang malinaw, at pawang walang kabuluhan lang ang sinasabi nila. Ang pinakakaawa-awang bagay tungkol sa kanila ay na hindi nila nauunawaan ang wika ng tao, pero patuloy pa rin silang kumikilos nang bulag, iniisip pa rin nila na may kakayahan sila, at lumalaban sila kapag pinupungusan mo sila. Paano nila magagawa nang maayos ang gawain ng pamumuno? Kapag masyadong mahina ang kakayahan ng isang lider o manggagawa, na wala siyang abilidad na ipahayag ang sarili niya gamit ang wika, kaya pa rin ba niyang maging mahusay sa gawain? (Hindi.) At ano ang ipinapahiwatig ng pagiging hindi mahusay sa kanyang gawain? Ipinapahiwatig nito na wala siyang kakayahan na agarang tuklasin ang mga paghihirap at problemang nararanasan sa gawain at, siyempre, ipinapahiwatig nito na anuman ang mga isyung lumilitaw sa gawain, hinding-hindi niya agarang malulutas ang mga ito, ni agarang maiuulat ang mga ito sa ang Itaas at makapaghahanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas—napakahirap nito para sa kanya, at wala siyang kakayahang gawin ito. Pagdating sa mga taong gaya nito na nagtataglay ng mahinang kakayahan, lubhang mahirap ang gawaing ito para sa kanila; para itong isang isdang pinipilit na mamuhay sa lupa o isang baboy na pinipilit lumipad—ang paggawa sa gawaing ito ay masyadong mahirap para sa kanila.

Sinasabi ng ilan, "Naaawa ako sa mga taong iyon. Masyado silang nagpapakaabala sa pangangasiwa sa iba't ibang klase ng gampanin, pero dahil sa mahina nilang

kakayahan, inilalarawan sila bilang mga huwad na lider. Kaya, ibig bang sabihin niyon ay nasayang lang ang lahat ng pagdurusang tiniis nila? Hindi ba't iyon ay hindi makatarungang pagtrato sa mga tao?" Ang pagtanggal sa mga huwad na lider ay nangangahulugan ng pag-ako ng responsabilidad para sa mga hinirang ng Diyos at sa gawain ng iglesia, kaya, paanong ito ay hindi makatarungang pagtrato sa mga tao? Kung igigiit mo na hayaang magpatuloy ang mga huwad na lider sa papel nila bilang mga lider, hindi ba't pamiminsala ito sa mga hinirang ng Diyos? Ibig mo bang sabihin na ang pamiminsala sa mga hinirang ng Diyos ay hindi pagtrato sa mga tao nang di-makatarungan? Sa pagtanggal sa isang huwad na lider, hindi kinokondena ng sambahayan ng Diyos ang huwad na lider na iyon, ni ipinapadala sa impiyerno ang huwad na lider na iyon, kundi sa halip, binibigyan nito ng pagkakataon ang taong iyon na magtamo ng kaligtasan. Maaari ba niyang matamo ang kaligtasan kung patuloy siyang magiging huwad na lider? Ano ang magiging huling kalalabasan niya? Bakit hindi mo isinasaalang-alang ang isyu sa ganitong paraan? Higit pa rito, ano ang layunin ng pananampalataya sa Diyos? Tiyak naman na hindi lang ang pagiging lider ang tanging paraan para umusad? Wala na bang ibang mga tungkulin na gagawin kung hindi lider ang isang tao? Wala na bang landas para sa mga hindi lider at may mahinang kakayahan upang manatiling buhay? (Hindi, hindi iyon totoo.) Kung gayon, ano ang landas ng pagsasagawa? Ang hinihimay natin ngayon ay ang mga pagpapamalas at ang mga problemang umiiral sa ganitong uri ng huwad na lider na may mahinang kakayahan; hindi natin sila kinokondena o isinusumpa, hinihimay lang natin sila. Ang layunin ng paghihimay sa kanila ay upang tumpak nilang makilala at maipuwesto ang sarili nila, upang makilala ang sarili nilang kapasidad, at upang tumpak nilang maunawaan kung ano ang mga lider at manggagawa, kung anong gawain ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa, at pagkatapos ay ikumpara ang mga bagay na ito sa sarili nila para makita kung angkop ba silang maging lider o manggagawa. Kung talagang masyadong mahina ang iyong kakayahan, napakahina na wala kang abilidad na ipahayag ang iyong sarili gamit ang wika, o ng abilidad na ipahayag ang iyong mga kaisipan at pananaw, o ng abilidad na tumuklas ng mga problema, hindi ka angkop na maging isang lider o manggagawa, hindi ka mahusay sa paggawa ng tungkulin ng isang lider o manggagawa, at wala kang kakayahang gawin ang gawain ng isang lider o manggagawa. At dahil mahina ang iyong kakayahan, dapat mayroon ka ng ganitong uri ng kamalayan sa sarili. Sinasabi ng ilang tao, "Mahina ang kakayahan ko—ano naman, kung gayon? May mabuting pagkatao ako, kaya't dapat akong maging isang lider." Ito ba ang prinsipyo? Sinasabi ng iba, "Bukod sa pagkakaroon ng mabuting pagkatao, handa rin akong magtiis ng pagdurusa at magbayad ng halaga, kaya kong mangaral ng mga sermon, may pundasyon ako sa pananalig ko, at nakulong din ako dahil sa pananampalataya ko sa Diyos. Hindi ba't maituturing ang mga bagay na ito bilang kapital para maging isang lider o manggagawa ako?" Katotohanan ba na dapat magkaroon ng kapital ang isang tao upang maging isang lider o manggagawa? (Hindi.) Ang tinatalakay natin ngayon ay ang mga responsabilidad

ng mga lider at manggagawa, at sa paksang ito, tinatalakay natin ang isyu ng kakayahan. Kung mahina ang iyong kakayahan at hindi mo magawang tuparin ang mga responsabilidad na ito, ang dapat mong taglayin na kamalayan sa sarili ay: “Wala ako ng ganitong kakayahan at hindi ako maaaring maging isang lider o manggagawa. Anuman ang kapital na mayroon ako, wala itong silbi.” Sinasabi mong mayroon kang mabuting pagkatao, na maaasahan ka, na may pagpapasya kang magtiis ng pagdurusa, at na handa kang magbayad ng halaga—hindi ba naging patas ang pagtrato sa iyo ng sambahayan ng Diyos? Ginagamit ng sambahayan ng Diyos ang mga tao sa paraang magagamit ang bawat isa sa pinakamainam na paraan, dinidisenyo ang mga tungkulin para umangkop sa bawat tao, at ginagawa ito sa paraang nararapat lang. Kung mayroon kang mabuting pagkatao pero mahina ang iyong kakayahan, dapat mong gawin nang maayos ang tungkulin mo nang buong puso at lakas; hindi ito nangangahulugan na dapat kang maging isang lider o manggagawa para masang-ayunan ng Diyos. Kahit na handa kang mag-abala, pero hindi mo magawang mag-abala sa paraang dapat gawin ng isang lider, at hindi ka nagtataglay ng kakayahang dapat mayroon ka para maging isang lider, at hindi mo ito maabot, ano ang puwede mong gawin, kung gayon? Huwag mong puwersahin o pahirapan ang iyong sarili; kung kaya mong magbuhat ng 25 kilo, magbuhat ka ng 25 kilo. Huwag mong subukang magpakitang-gilas sa pamamagitan ng pagpilit sa sarili mo nang lampas sa iyong limitasyon, sinasabi, “Hindi sapat ang 25 kilo. Gusto kong magbuhat ng mas mabigat pa. Gusto kong magbuhat ng 50 kilo. Handa akong gawin ito kahit mamatay ako sa sobrang pagod!” Hindi mo kayang maging lider o manggagawa, pero kung patuloy mo pa ring pipilitin ang sarili mo nang lampas sa iyong limitasyon para magpakitang-gilas, bagama’t hindi ka mapapagod, magdudulot ka ng mga pagkaantala sa gawain ng iglesia, makakaapekto ka sa pag-usad at kahusayan ng gawain, at maaantala mo ang pag-usad ng buhay ng maraming tao—hindi ito isang pananagutan na kaya mong pasanin. Dahil kulang ang iyong kakayahan, kung mayroon kang kamalayan sa sarili, dapat kusa kang mag-alok na magbitiw at magnomina ng isang tao na may mahusay na kakayahan, na nagmamahal sa katotohanan, at na mas responsable kaysa sa iyo upang maging lider o manggagawa. Ito ang makatwirang bagay na dapat gawin, at tanging sa paggawa nito, ikaw ay magiging isang tao na talagang may pagkatao at katwiran, at isang tao na talagang nakakaunawa at nagsasagawa ng katotohanan. Kung magbibitiw ka mula sa iyong posisyon dahil hindi mo kayang gawin ang gawain ng pamumuno, at pagkatapos ay pipili ka ng isang tungkulin na angkop sa iyo at ihahandog ang iyong katapatan upang maaari kang sang-ayunan ng Diyos, kung gayon, ikaw ay isang natatanging matalinong tao. Palagi mong iniisip na, “Bagama’t mahina ang kakayahan ko, mayroon akong mabuting pagkatao, handa akong abalahin ang sarili ko, magtiis ng pagdurusa, at magbayad ng halaga, may pagpapasya ako, mas matatag ako kaysa sa inyo sa lahat ng ginagawa ko, at malawak ang isipan ko at hindi natatakot na mapungusan o masubok. Bagama’t medyo mahina ang kakayahan ko, puwede pa rin akong maging isang lider.” Hindi problema ang pagkakaroon ng mahinang kakayahan.

Hindi nito layon na kondenahin ka, ito ay para lang klasipikahin ka at ipaunawa sa iyo nang malinaw kung ano mismo ang maaari mong gawin at kung anong uri ng tungkulin ang angkop sa iyo. Gayumpaman, ang kasalukuyang isyu ay na mahina ang iyong kakayahan at hindi mo kayang maging isang lider o manggagawa. Bagama't nahalal ka bilang isang lider o manggagawa, hindi mo nagagawa nang maayos ang gawaing ito, at ang nagagawa mo lang ay ang guluhin ang gawain. Kung may mabuting pagkatao ka, kung may konsensiya at katwiran ka, at handa kang magpakaabala at magbayad ng halaga, magkakaroon ng isang trabaho na angkop sa iyong gawin at isang tungkulin na dapat mong gawin, at gagawa ng mga makatwirang pagsasaayos ang sambahayan ng Diyos para sa iyo. Ang hindi pagpapahintulot sa iyo na maging lider ay batay sa mga regulasyon at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, tiyak na hindi ka pagkakaitan ng sambahayan ng Diyos ng iyong karapatan na gumawa ng tungkulin o ng iyong karapatan na manampalataya at sumunod sa Diyos dahil sa mahina mong kakayahan. Hindi ba't nararapat ito? (Oo, nararapat ito.) Kinakailangan pa bang pagbahaginan natin ang tungkol sa usaping ito nang mas detalyado? Naririnig ito ng ilang taong mahina ang kakayahan at nagbubulay, "Huwag nang magbahaginan pa tungkol dito. Masyado na akong nahihiyang humarap sa sinuman. Alam kong mahina ang kakayahan ko, at hindi na ako magiging lider ng iglesia o manggagawa. Magiging lider ng pangkat na lang ako o superbisor, o kaya ay gagawa ako ng mga kakaibang trabaho, pagluluto o paglilinis. Ayos lang kahit ano. Titiisin ko ang hirap ng posisyon ko nang walang reklamo, magpapasakop sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at magpapasakop sa mga pamamatnugot ng Diyos. Ang pagiging mahina ng kakayahan ko ay biyaya ng Diyos, at nakapaloob dito ang mabubuting layunin ng Diyos. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay nararapat." Kung kaya mong makita ang mga bagay-bagay sa ganitong paraan, maganda iyon, at nangangahulugan ito na may kaunti kang kamalayan sa sarili. Hindi Ko na pahahabain ang pagbabahaginan tungkol sa isyung ito. Sa kabuuan, pagdating sa mga taong ito na mahina ang kakayahan, hinihimay lang natin ang problema at inilalantad ang katotohanan ng mga katunayan upang mas maraming tao ang magkaroon ng tamang saloobin at perspektiba tungkol sa mga taong ito, at upang ang mga taong ito ay magkaroon din ng tamang saloobin at perspektiba tungkol sa isyu ng sarili nilang mahinang kakayahan, at pagkatapos ay tumpak na maipuwesto ang sarili nila, makahanap ng posisyon at tungkulin na angkop sa kanila, pinapahintulutan ang pagtitiyaga nila sa pagbabayad ng halaga at ang pagpapasya nila na magtiis ng pagdurusa para makatwirang magamit at mailapat. Hindi ito nakakaapekto sa pag-unawa at pagsasagawa mo sa katotohanan, ni nakakaapekto sa imahe mo sa sambahayan ng Diyos.

III. Mga Huwad na Lider na Tamad at Nagpapasasa sa Kaginhawahan

Kakatapos lang nating pagbahaginan ang tungkol sa dalawang uri ng huwad na lider. May isa pang uri ng huwad na lider, na madalas nating napag-uusapan habang nagbabahaginan tungkol sa paksa ng "ang mga responsabilidad ng mga lider at

manggagawa.” May kaunting kakayahan ang ganitong uri, hindi sila mangmang, sa gawain nila, mayroon silang mga paraan at diskarte, at mga plano para sa paglutas ng mga problema, at kapag binigyan sila ng isang piraso ng gawain, kaya nilang isakatuparan ito nang malapit sa mga inaasahang pamantayan. Kaya nilang tuklasin ang anumang mga problema na lumilitaw sa gawain at kaya rin nilang lutasin ang ilan sa mga ito; kapag naririnig nila ang mga problemang iniuulat ng ilang tao, o inoobserbahan nila ang pag-uugali, mga pagpapamalas, pananalita at mga kilos ng ilang tao, may reaksiyon sila sa puso nila, at may sarili silang opinyon at saloobin. Siyempre, kung hahangarin ng mga taong ito ang katotohanan at mayroon silang pagpapahalaga sa pasanin, maaaring malutas ang lahat ng problemang ito. Gayumpaman, hindi inaasahang hindi nalulutas ang mga problema sa gawaing nasa ilalim ng responsabilidad ng ganitong uri ng tao na pinagbabahaginan natin ngayon. Bakit ganoon? Ito ay dahil hindi gumagawa ang mga taong ito ng tunay na gawain. Mahilig sila sa kaalwanan at namumuhi sa mahirap na gawain, gumagawa lang sila ng mga pabasta-bastang pagsisikap sa panlabas, gusto nilang walang ginagawa at tinatamasa ang mga pakinabang ng katayuan, gusto nilang utus-utusan ang mga tao, at ibinubuka lang nila nang kaunti ang mga bibig nila at nagbibigay ng ilang suhestiyon, at pagkatapos ay itinuturing nilang tapos na ang gawain nila. Hindi nila isinasapuso ang alinman sa tunay na gawain ng iglesia o sa kritikal na gawaing ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila—wala sila ng ganitong pagpapahalaga sa pasanin, at kahit na paulit-ulit na binibigyang-diin ng sambahayan ng Diyos ang mga bagay na ito, hindi pa rin nila isinasapuso ang mga ito. Halimbawa, ayaw nilang makialam o mag-usisa tungkol sa gawain ng paggawa ng pelikula o sa gawaing nakabatay sa teksto ng sambahayan ng Diyos, hindi rin nila nais na siyasatin kung kumusta ang pag-usad ng ganitong mga klase ng gawain at kung anong mga resulta ang nakakamit ng mga ito. Pasimple lang silang nag-uusisa, at kapag nalaman nilang abala ang mga tao sa gawaing ito at ginagawa ang gawaing ito, hindi na nila ito inaalala pa. Kahit alam na alam nila na may mga problema sa gawain, ayaw pa rin nilang makipagbahaginan tungkol sa mga ito o lutasin ang mga ito, hindi rin sila nag-uusisa o nagsisiyasat kung paano ginagawa ng mga tao ang mga tungkulin ng mga ito. Bakit hindi sila nag-uusisa o nagsisiyasat sa mga bagay na ito? Iniisip nila na kung sisiyasatin nila ang mga ito, maraming problema ang naghihintay para lutasin nila, at magiging masyadong nakakabahala iyon. Magiging masyadong nakakapagod ang buhay kung palagi nilang kailangang lumutas ng mga problema! Kung masyado silang mag-aalala, hindi na magiging masarap ang lasa ng pagkain para sa kanila, at hindi sila makakatulog nang maayos, mapapagod ang laman nila, at magiging miserable ang buhay. Kaya naman, kapag nakakakita sila ng isang problema, iniiwasan at binabalewala nila ito kung maaari. Ano ang problema ng ganitong uri ng tao? (Masyado silang tamad.) Sabihin ninyo sa Akin, sino ang may malubhang problema: mga taong tamad, o mga taong may mahinang kakayahan? (Mga taong tamad.) Bakit may malubhang problema ang mga taong tamad? (Ang mga taong mahina ang kakayahan ay hindi maaaring maging mga lider o manggagawa, pero maaari silang

maging medyo epektibo kapag gumagawa sila ng isang tungkulin na ayon sa kanilang abilidad. Gayumpaman, ang mga taong tamad ay walang nagagawang anumang bagay; kahit na mayroon silang kakayahan, wala itong epekto.) Ang mga taong tamad ay walang anumang nagagawa. Para ibuod ito sa dalawang salita, sila ay walang silbi; para silang may kapansanan. Gaano man kahusay ang kakayahan ng mga taong tamad, paimbabaw lamang iyon; kahit na may mahusay silang kakayahan, wala itong silbi. Masyado silang tamad—alam nila ang dapat nilang gawin, ngunit hindi nila ito ginagawa, at kahit alam nila na may problema, hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ito, at bagama't alam nila kung anong mga paghihirap ang dapat nilang danasin para maging epektibo ang gawain, ayaw nilang tiisin ang mga makabuluhang paghihirap na ito—kaya, hindi sila makapagkamit ng anumang katotohanan, at hindi sila makagawa ng anumang tunay na gawain. Hindi nila nais na magtiis ng mga paghihirap na dapat tiisin ng mga tao; ang alam lamang nila ay magpakasasa sa kaginhawahan, magtamasa ng mga panahon ng kagalakan at paglilibang, at magtamasa ng malaya at maluwag na buhay. Hindi ba't wala silang silbi? Ang mga taong hindi kayang tiisin ang paghihirap ay hindi karapat-dapat na mabuhay. Iyong mga palaging nagnanais na mamuhay ng buhay ng isang parasito ay mga taong walang konsensiya o katwiran; sila ay mga halimaw, at ang gayong mga tao ay hindi angkop kahit na gumampan ng trabaho. Dahil hindi nila kayang tiisin ang paghihirap, kahit na kapag gumagampan nga sila ng trabaho, hindi nila ito magawa nang maayos, at kung nais nilang makamit ang katotohanan, mas lalong wala silang pag-asang makamit iyon. Ang isang taong hindi kayang magdusa at hindi nagmamahal sa katotohanan ay isang walang silbing tao; ni hindi siya kalipikadong gumampan ng trabaho. Isa siyang halimaw, na wala ni katiting na pagkatao. Dapat itiwalag ang gayong mga tao; ito lang ang naaayon sa mga layunin ng Diyos.

Ang ilang tao ay responsable sa gawaing bukid, at lubos silang masigasig; mayroon silang plano sa isipan, at alam nila kung anong gawain ang dapat gawin sa bawat panahon. Kapag panahon na ng pagbubungkal sa bukid, pinupuntahan nila ang bawat taniman at tinitingnan ito. Ikinukumpara nila kung ano ang pinlano nilang itanim sa bawat taniman sa aktuwal na kalagayan ng taniman, at tinitingnan kung naaangkop ba ang plano nila at kung naaayon ba ito sa aktuwal na sitwasyon. Higit pa rito, tinitingnan nila kung gaano kabasa o katuyo ang lupa ngayong taon, kung anong pataba ang kinakailangan, at kung ano ang naaangkop para sa pagtatanim. Kapag nasuri at naarok na nila ang mga bagay na ito, agad silang nagtatanong kung may mga napatubo nang punla at kung ilan ang napatubo, at pagkatapos ay pumupunta sila sa greenhouse para tingnan doon at makita kung ang taong nag-aalaga ng mga punla ay maaasahan o kung masisira lang nito ang mga punla. Kung hindi sapat ang isang tao para gumawa ng gawaing ito, nagtatalaga sila ng isa pang tao na makikipagtulungan dito, at pinangangasiwaan ng dalawa ang isa't isa. Gagawin ba ito ng mga tamad na tao? Hindi, hindi nila gagawin. Kung walang mangangasiwa at manghihimok sa kanila, tiyak na hindi nila kusang bibisitahin ang lugar ng gawain; kung hindi magtatanong ang sambahayan

ng Diyos tungkol sa pag-usad ng isang piraso ng gawain, tiyak na hindi sila magkukusang inspeksiyonin ang tunay na sitwasyon ng gawaing iyon. Sa mga taong may mahinang kakayahan, anuman ang ginagawa nila, palagi nila itong ginagawa nang sila mismo, pero hindi nila kayang tukuyin kung ano ang apurahan at mahalaga sa kung ano ang hindi, at bulag lang silang kumikilos. Samantalang ang mga tamad na taong ito ay sapat na mautak, at anuman ang ginagawa nila, gusto lang nilang ibuka ang mga bibig nila at utusan ang iba na gawin ang gawain; hindi sila kailanman gumagawa ng anumang bagay nang sila mismo, ni kayang gumawa ng tunay na gawain. Iniisip nila, “Kailangan ko lang tumawag o magpadala ng mensahe para magtanong ng ilang katanungan, at tapos na ang trabaho ko, nalutas na ang isyu. Hindi na ako mamomroblema rito! Tingnan mo naman ang kakayahan ko bilang isang lider. Kaya kong tapusin ang trabaho gamit lang ang ilang salita—hindi ba’t ito ay pagtupad ko rin ng mga responsabilidad ko? Hindi ako nagpapabaya sa mga responsabilidad ko. Kung itatanong sa akin ng ang Itaas ang tungkol sa mga bagay na ito, mahusay akong makakasagot sa kanila at makakapagbigay ng malinaw na paliwanag. Ano pa ang silbi ng pagpunta sa lugar ng gawain at pag-inspeksiyon? Kailangan kong magtiis ng mga paghihirap at pagdurusa, at iitim ang balat ko dahil sa pagkabilad sa araw. Hindi na kailangang dumaan pa sa gayong pormalidad. Kung makakaiwas ako sa kaunting abala, iyon ang gagawin ko. Hindi ko na kailangang pahirapan ang sarili ko.” Hindi ba’t sapat silang “matalino”? Kapag gumagawa ang ganitong uri ng tao, talagang mahusay siyang maghanap ng madadaling paraan para makamit ang mga layon niya at makahanap ng mga pinakamabilis na daan, at may sarili siyang mga paraan at diskarte. Hindi siya gumagawa ng anumang bagay nang siya mismo, ni nakikilahok sa anumang bagay. Tumatawag lang siya para magtanong, iniraraos lang ang gawain, at sa sandaling ibaba niya ang telepono, matutulog na siya o magpapamasahe at magsisimulang magpasasa sa laman niya. Ang ganitong uri ng tao ay talagang alam kung paano “gumawa ng gawain,” talagang alam niya kung paano maghanap ng mga pagkakataon na magpakatamad, at talagang alam niya kung paano iraos lang ang gawain at manloko ng mga tao! Ano ang silbi ng pagkakaroon niya ng gayong kaunting kakayahan? Katulad siya ng mga opisyal na iyon sa bansa ng Partido Komunista, na umiinom lang ng tsaa at nagbabasa ng dyaryo pagkarating sa trabaho, at nagsisimulang mag-isip kung ano ang kakainin nila at kung saan sila maglilibang bago pa man matapos ang araw ng trabaho—talagang masarap ang buhay nila. Ito rin ang prinsipyong sinusunod ng ganitong klase ng huwad na lider sa gawain niya; hindi siya nagdurusa ng paghihirap, hindi siya nagtitiis ng sobrang pagod, pero kumikilos pa rin siya bilang isang opisyal at tinatamasa ang mga pakinabang ng katayuan, at hindi nakikita ng karamihan sa mga kapatid na isa itong problema. Ganito gumawa ang ganitong uri ng huwad na lider, hindi siya gumagawa ng tunay na gawain, at hindi siya pumupunta sa lugar ng trabaho para subaybayan at inspeksiyonin ang gawain, kaya, matutuklasan ba niya ang mga problema sa gawain? (Hindi.) Ang mga nagpapanggap na espirituwal na huwad na lider at mga huwad na lider na mahina ang kakayahan ay

bulag kahit dilat na dilat na ang mga mata nila, at hindi nila makita ang mga problema, kaya, paano naman ang ganitong klase ng walang silbing tao? Sinasabi niya, “Hindi ako nakikilahok sa tunay na gawain, at hindi ako pumupunta sa lugar ng trabaho para makiisa sa mga taong gumagawa roon, kaya, kung lumitaw ang mga problema, hindi mo puwedeng sabihin na bulag ako kahit na dilat na dilat na ang mga mata ko. Hindi ako nakapunta sa lugar ng trabaho at hindi ko nakita ang mga problema, kaya ano ang kinalaman nito sa akin kung lumitaw ang mga problema? Dapat mong hanapin ang mga taong sangkot.” Hindi ba’t talagang tuso ang mga taong ito? Iniisip nila na ang kailangan lang nilang gawin ay ang magbigay ng mga utos at wastong magsaayos ng mga tao, iyon na iyon, at pagkatapos ay natupad na ang mga responsabilidad nila at maaari na nilang tamasahin ang kanilang libreng oras at paglilibang sa tahasang paraan. Kahit anong mga problema ang nasa ibaba, hindi sila nag-uusisa, at nagmamadali lang silang asikasuhin ang isang problema kung may mag-uulat nito sa ang Itaas. Ang pinagtutuunan lang nila araw-araw ay ang pagtatamasa ng mga pakinabang ng katayuan, paglalakad-lakad kahit saan, pagkukunwaring nag-iinspeksiyon sa gawain, pero ang totoo, hindi sila kailanman pumupunta sa isang lugar na talagang may problema, at hindi sila kailanman nag-iinspeksiyon ng kritikal na gawain—hindi ba’t katulad lang ito ng mga opisyal ng Partido Komunista na gumagawa lamang ng mababababaw na pagsisikap at gumagampan lamang ng gawain na nagpapaganda ng imahe nila? Gumagawa sila ng magagandang pangako na gagawin ang gawaing iniatas sa kanila, pero hindi nila ito sinusubaybayan o pinangangasiwaan, at kahit magpunta sila sa lugar ng trabaho, pormalidad lamang ang ginagawa nila. Tiyak na hindi nila gagawin ang gawain o lulutasin ang mga isyu nang sila-sila lang. Iniisip nila, “Hindi ko kailangang magdusa at magbayad ng halaga para gawin ang mga bagay na ito. Sapat nang may isang tao na gumagawa ng mga ito. Tutal, wala naman akong anumang kinikitang pera, kaya ayos na iyong nakakaraos lang ako.” Magagawa ba nila nang maayos ang gawain nila kapag ganito ang pag-iisip nila? May maliit silang pakana sa isipan nila, iniisip nila, “Gagawa lang ako ayon sa dami ng pagkaing nakakain ko, at iraraos ko lang ang bawat araw sa pabasta-bastang paraan.” Pero hindi sila kailanman gumagawa ng partikular na gawain, at hindi sila kailanman nakikita sa lugar ng trabaho. Kung gayon, nasaan sila? Nagpapakasaya sila sa isang maganda at ligtas na lugar kung saan nakakakain, nakakainom, at nakakatulog sila nang maayos, namumuhay sila na parang isang prinsipe—regular na naliligo, regular na nagpapamasahe, at regular na nagpapalit ng mga damit nila—at talagang hindi sila nagtitiis ng anumang pagdurusa. Hindi nila kailanman pinagninilayan kung anong tunay na gawain ang kaya nilang gawin, kung anong mga tunay na problema ang kaya nilang lutasin, kung ano ang mga naiambag nila sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at kung gaano sila kakalipikado na magtamasa ng lahat ng magandang bagay na ito—hindi nila kailanman isinasaalang-alang ang alinman sa mga ito. Anong klaseng mga tao sila? Walang kamalayan sa sarili ang mga miserableng tao na ito, sila ay mga walang-hiya, at hindi sila karapat-dapat na maging mga lider at manggagawa sa iglesia.

Ang lahat ng huwad na lider ay hindi kailanman gumagawa ng tunay na gawain. Kumikilos sila na parang ang kanilang papel sa pamumuno ay isang opisyal na posisyon, tinatamasa ang mga pakinabang ng katayuan, at ang tungkuling nararapat nilang gampanan at ang gawaing nararapat nilang gawin bilang isang lider ay itinuturing nilang isang pabigat, tulad ng isang abala. Sa puso nila, nag-uumapaw ang paglaban nila sa gawain ng iglesia: Kapag hiniling sa kanila na pangasiwaan ang gawain at alamin kung anong mga isyu ang umiiral sa loob nito na kinakailangang subaybayan at lutasin, sila ay puno ng pag-aatubili. Ito ang gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa, ito ang trabaho nila. Kung hindi mo ito ginagawa at ayaw mong gawin ito, bakit gusto mo pa ring maging isang lider o manggagawa? Ginagawa mo ba ang iyong tungkulin para isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, o para maging isang opisyal at magtamasa ng mga pakinabang ng katayuan? Kung naging isang lider ka lang para magkaroon ka ng opisyal na posisyon, hindi ba't medyo kawalang kahihiyan iyon? Ang ganitong uri ng mga tao ay may pinakamababababang karakter, walang dignidad, at walang kahihiyan. Kung gusto mong magtamasa ng kaginhawahan ng laman, dapat magmadali kang bumalik sa mundo, at makipaglaban, puwersahang kumuha, at sumunggab hangga't kaya mo, at walang sinumang makikialam doon. Ang sambahayan ng Diyos ay isang lugar para sa hinirang na mga tao ng Diyos para gawin ang mga tungkulin nila at sambahin Siya; isa itong lugar para sa mga tao na hangarin ang katotohanan at magtamo ng kaligtasan. Hindi ito isang lugar para magpakasasa ang sinuman sa kaginhawahan ng laman, lalong hindi ito isang lugar na nagtutulot sa mga tao na mamuhay na parang mga prinsipe. Walang kahihiyan ang mga huwad na lider, hindi sila tinatablan ng hiya, at wala silang katwiran. Anumang partikular na gawain ang nakatalaga sa kanila, hindi nila ito sineseryoso, at binabalewala nila ito; bagama't napakaganda ng mga salitang isinasagot nila, hindi sila gumagawa ng anumang tunay. Hindi ba't imoral ito? Hindi lang sa hindi sila gumagawa ng tunay na gawain, kundi gusto rin nilang magkaroon ng ganap na kapangyarihan—gusto nilang mapasakamay ang kapangyarihan sa pananalapi, sa tauhan, at sa lahat ng usapin, at gusto nilang magbigay ng mga ulat sa kanila ang mga tao araw-araw. Sa katunayan, napakasipag nila pagdating sa mga bagay na ito. Pagdating ng oras na kailangan na nilang mag-ulat sa ang Itaas tungkol sa gawain, inaangkin nila ang mga resulta ng lahat ng gawain na ginawa ng mga kapatid upang mapaniwala ang ang Itaas na nakagawa sila ng mahusay na gawain, kahit na ang totoo ay iba ang gumawa ng lahat ng ito. Kung ilang tao ang nakamit sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, kung sino-sino ang mga iniangat at nililinang, kung sino-sino ang mga natanggal sa kanilang posisyon, kung sino-sino ang mga pinaalis, at iba pa—wala sa mga partikular na gampaning ito ang ginawa nila, ngunit ang lakas ng loob nilang iulat ang mga ito. Hindi ba't hindi tinatablan ng hiya ang mga taong ito? Hindi ba't nanlilinlang sila? Napakamapanlinlang at napakatuso ng gayong mga tao! Iniisip nilang matalino sila—ito talaga ay isang kaso kung saan sila ay nabibiktima ng sarili nilang mga matalinong panlalansi, at nabubunyag at natitiwalag sila sa huli. Anumang gawain ang

ginagawa ng ilang tao o anumang tungkulin ang ginagampanan nila, wala silang kakayahan roon, hindi nila ito kayang pasanin, at hindi nila kayang tuparin ang alinman sa mga obligasyon o responsabilidad na nararapat tuparin ng tao. Hindi ba basura sila? Karapat-dapat pa rin ba silang tawaging tao? Maliban sa mga uto-uto, may kapansanan sa pag-iisip, at mga nagdurusa sa mga pisikal na kapansanan, mayroon bang sinumang nabubuhay na hindi nararapat gumawa ng kanilang mga tungkulin at tuparin ang kanilang mga responsabilidad? Ngunit ang ganitong uri ng tao ay palaging tuso at nagpapakatamad, at hindi gustong tuparin ang kanilang mga responsabilidad; ang ipinahihiwatig ay na hindi nila nais na maging isang marapat na tao. Binigyan sila ng Diyos ng oportunidad na maging tao, at binigyan Niya sila ng kakayahan at mga kaloob, subalit hindi nila magamit ang mga ito sa paggawa ng kanilang tungkulin. Wala silang ginagawa, ngunit nais nilang lasapin ang kasiyahan sa bawat pagkakataon. Angkop bang tawaging tao ang gayong tao? Anumang gawain ang ibigay sa kanila—mahalaga man iyon o pangkaraniwan, mahirap o simple—lagi silang pabasta-basta at tuso at nagpapakatamad. Kapag lumilitaw ang mga problema, sinisikap nilang ipasa ang kanilang responsabilidad sa ibang tao, hindi sila umaako ng pananagutan, at nais nilang patuloy na mamuhay sa kanilang parasitikong buhay. Hindi ba mga walang silbing basura sila? Sa lipunan, sino ang hindi kailangang umasa sa kanilang sarili para maghanap-buhay? Kapag umabot na sa hustong gulang ang isang tao, kailangan na niyang tustusan ang kanyang sarili. Natupad na ng kanyang mga magulang ang kanilang responsabilidad. Kahit handa ang kanyang mga magulang na suportahan siya, hindi siya komportable roon. Dapat niyang mapagtanto na tapos na ang mga magulang niya sa misyon ng mga ito na pagpapalaki sa kanya, at na siya ay nasa hustong gulang na at may malusog na katawan, at dapat magawa niyang mamuhay nang mag-isa. Hindi ba't ito ang pinakamababang katwiran na dapat mayroon ang isang taong nasa hustong gulang? Kung talagang may katwiran ang isang tao, hindi siya maaaring patuloy na manghingi sa kanyang mga magulang; matatakot siya na pagtawanan ng iba, na mapahiya. Kaya, may katwiran ba ang isang taong mahilig sa ginhawa at namumuhi sa gawain? (Wala.) Lagi niyang gustong makuha ang isang bagay nang walang kapalit; hindi niya kailanman gustong tuparin ang anumang responsabilidad, hinihiling na mahulog na lang mula sa langit ang matatamis na pagkain at mahulog sa kanyang bibig; gusto niyang makakain palagi nang tatlong beses sa isang araw, magkaroon ng isang taong magsisilbi sa kanya, at magtamasa ng masasarap na pagkain at inumin nang walang ginagawa ni katiting na gawain. Hindi ba ganito ang pag-iisip ng isang parasito? At may konsensiya at katwiran ba ang mga taong parang parasito? Mayroon ba silang integridad at dignidad? Talagang wala. Lahat sila ay mga palamunin na walang silbi, lahat ay mga hayop na walang konsensiya o katwiran. Walang sinuman sa kanila ang angkop na manatili sa sambahayan ng Diyos.

Ipagpalagay na nagsasaayos ang iglesia ng trabaho para sa iyo, at sinasabi mong, "Isang pagkakataon man ang trabahong ito na makakuha ako ng atensiyon o hindi—dahil

ibinigay sa akin ito, gagawin ko ito nang maayos at papasanin ko ang responsabilidad na ito. Kung ako ay isasaayos na magpatuloy sa bahay, ibibigay ko ang lahat ng makakaya ko para magawa ito nang maayos; aasikasuhin ko nang maayos ang mga kapatid, at gagawin ko ang makakaya ko para matiyak ang seguridad ng lahat. Kung isasaayos akong mangaral ng ebanghelyo, sasangkapan ko ang aking sarili ng katotohanan at maayos na ipangangaral ang ebanghelyo nang may pagmamahal at tutuparin ang tungkulin ko. Kung isasaayos akong mag-aral ng isang wikang banyaga, buong-puso kong pag-aaralan at pagsusumikapan iyon, at susubukan kong matutuhan iyon sa lalong madaling panahon, sa loob ng isa o dalawang taon, upang makapagpatotoo ako sa Diyos sa mga dayuhan. Kung hihilingin sa akin na magsulat ng mga artikulo ng patotoo, maingat kong sasanayin ang sarili ko na gawin iyon, tingnan ang mga bagay-bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at pag-aaralan ang tungkol sa wika. Bagama't maaaring hindi ako makasulat ng mga artikulong may magandang prosa, kahit papaano ay magagawa kong maiparating nang malinaw ang aking patotoong batay sa karanasan, komprehensibong magbahagi tungkol sa katotohanan, at magbigay ng tunay na patotoo para sa Diyos, nang sa gayon ay napapatibay at nakikinabang ang mga tao sa pagbabasa ng aking mga artikulo. Anumang trabaho ang italaga sa akin ng iglesia, tatanggapin ko iyon nang buong puso at lakas. Kung mayroon akong bagay na hindi maunawaan o magkaroon ng problema, mananalangin ako sa Diyos, hahanapin ang katotohanan, lulutasin ang mga problema ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at gagawin nang maayos ang trabaho. Anuman ang tungkulin ko, gagamitin ko ang lahat ng mayroon ako para gawin iyon nang maayos at mapalugod ang Diyos. Anuman ang aking makamit, gagawin ko ang makakaya ko para pasanin ang responsabilidad na dapat kong pasanin, at kahit papaano, hindi ako sasalungat sa konsensiya at katwiran ko, o magiging pabaya, o magiging tuso at tamad, o magpapakasasa sa mga bunga ng pagtatrabaho ng iba. Wala akong gagawin na hindi aabot sa pamantayan ng konsensiya." Ito ang pinakamababang pamantayan para sa sariling asal, at ang taong gumagawa ng kanyang tungkulin sa gayong paraan ay maaaring maituring na isang taong may konsensiya at katwiran. Dapat kahit papaano ay malinis ang konsensiya mo sa paggawa ng iyong tungkulin, at dapat kahit papaano ay karapat-dapat ka sa kinakain mo tatlong beses sa isang araw at hindi maging palamunin. Ang tawag dito ay pagkakaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad. Mataas man o mababa ang iyong kakayahan, at nauunawaan mo man ang katotohanan o hindi, sa anumang kaso, dapat kang magkaroon ng ganitong saloobin: "Dahil ibinigay sa akin ang gawaing ito para gawin, dapat ko itong seryosohin, dapat kong alalahanin ito, at dapat kong gamitin ang buong puso at lakas ko para gawin ito nang maayos. Tungkol sa kung magagawa ko ba ito nang napakaayos, hindi ko maaaring ipagpalagay na garantisado iyon, ngunit ang saloobin ko ay na gagawin ko ang makakaya ko para gampanan iyon nang maayos, at tiyak na hindi ako magiging pabasta-basta tungkol dito. Kung may lumitaw na problema sa gawain, dapat kong akuin ang responsabilidad, at tiyakin na matuto ako ng aral mula rito at gawin nang

maayos ang aking tungkulin.” Ito ang tamang saloobin. Mayroon ba kayong ganitong saloobin? Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ko kailangang gumawa ng mahusay na trabaho sa gawaing itinalaga sa akin. Gagawin ko lang ang aking makakaya at bahala na kung ano ang magiging resulta. Hindi ko kailangang pagurin nang sobra ang sarili ko, o lubusang mabalisa kapag may nagawa akong mali, at hindi ko kailangang masyadong ma-stress. Ano ang silbi ng sobrang pagpapagod sa aking sarili? Tutal, palagi naman akong gumagawa at hindi ako pabigat.” Ang ganitong uri ng saloobin sa tungkulin ay iresponsable. “Kung gusto kong gumawa, gagawa ako nang ilang gawain. Gagawin ko lang kung ano ang makakaya ko at bahala na kung ano ang magiging resulta. Hindi ito kailangang masyadong seryosohin.” Ang gayong mga tao ay walang responsableng saloobin sa kanilang tungkulin at wala silang pagpapahalaga sa responsabilidad. Anong uri ng tao kayo? Kung kayo ang unang uri ng tao, kayo ay isang taong may katwiran at pagkatao. Kung kayo ang pangalawang uri ng tao, wala kayong ipinagkaiba sa uri ng mga huwad na lider na kahihimay Ko lang. Nagpapalipas lang kayo ng mga araw nang walang ginagawa. “Iiwasan ko ang pagkapagod at paghihirap at mas lilibangin ko na lang ang sarili ko. Kahit na isang araw ay matanggal ako, walang mawawala sa akin. Kahit papaano ay natamasa ko ang mga pakinabang ng katayuan sa loob ng ilang araw, hindi ito magiging kawalan para sa akin. Kung mapili ako bilang lider, ganyan ako kikilos.” Ano ang tingin mo sa mentalidad ng ganitong uri ng tao? Ang gayong mga tao ay mga hindi mananampalataya na hindi naghahangad ng katotohanan kahit kaunti. Kung tunay kang may pagpapahalaga sa responsabilidad, ipinapakita nito na mayroon kang konsensiya at katwiran. Gaano man kalaki o kaliit ang gampanin, kahit sino pa ang magtalaga sa iyo ng gampaning iyon, kung ang sambahayan ng Diyos man ang nagkatiwala nito sa iyo o kung isang lider ng iglesia o manggagawa ang nagtalaga nito sa iyo, dapat ang saloobin mo ay: “Sapagkat itinalaga sa akin ang tungkuling ito, ito ay pagtataas at biyaya ng Diyos. Dapat ko itong gawin nang maayos ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Sa kabila ng pagkakaroon ng katamtamang kakayahan, handa akong akuin ang responsabilidad na ito at ibigay ang lahat ng makakaya ko para magawa ito nang maayos. Kung hindi ako makagagawa ng mahusay na trabaho, dapat akong managot para dito, at kung makagagawa ako ng mahusay na trabaho, hindi ito kredito sa akin. Ito ang dapat kong gawin.” Bakit Ko sinasabi na ang pagtrato ng isang tao sa kanyang tungkulin ay isang usapin ng prinsipyo? Kung talagang mayroon kang pagpapahalaga sa responsabilidad at isang responsableng tao, magagawa mong pasanin ang gawain ng iglesia at tuparin ang tungkuling nararapat mong gawin. Kung basta-basta mo lang tatratuhin ang iyong tungkulin, hindi tama ang pananaw mo sa pananampalataya sa Diyos, at may problema sa iyong saloobin sa Diyos at sa iyong tungkulin. Ang pananaw mo sa paggawa ng iyong tungkulin ay ang gawin ito nang pabasta-basta at iraos lang ito, at kung ito man ay isang bagay na handa kang gawin o hindi, isang bagay kung saan ka mahusay o hindi, palagi mo itong hinaharap nang may saloobin na basta mairaos lang, kaya, hindi ka angkop na maging lider o manggagawa at hindi ka nararapat gumawa ng gawain ng iglesia. Higit pa

rito, sa prangkang salita, ang mga taong katulad mo ay walang kuwenta, nakatadhana na walang makakamit, at sadyang mga walang silbing tao. Anong uri ng mga tao ang walang silbi? Ang mga taong magulo ang isip, mga taong pinalilipas ang araw nila na walang ginagawa. Ang ganitong mga uri ng tao ay iresponsable sa anumang ginagawa nila, ni hindi nila ito sineseryoso; ginugulo nila ang lahat ng bagay. Hindi nila pinapakinggan ang mga salita mo kahit gaano ka pa makipagbahaginan sa katotohanan. Iniisip nila, "Magpaparaos-raos na lang ako kung gusto ko. Sabihin mo kung ano ang gusto mo! Ano't anuman, sa ngayon ay ginagawa ko ang aking tungkulin at may pagkain akong makakain, sapat na iyon. Kahit papaano ay hindi ko kailangang maging pulubi. Kung isang araw ay wala na akong makakain, saka ko ito iisipin. Palaging mag-iiwan ng paraan ang Kalangitan para sa tao. Sinasabi mong wala akong konsensiya o katwiran, at na magulo ang isip ko—ano naman kung gayon? Hindi ko nilabag ang batas. Ang pinakamalala ay medyo kulang lang ako sa karakter, pero hindi iyon kawalan sa akin. Hangga't may pagkain akong makakain, ayos na iyon." Ano ang palagay mo sa ganitong perspektiba? Sinasabi Ko sa iyo, ang ganitong mga taong magulo ang isip na pinapalipas ang mga araw nila nang walang ginagawa ay pawang nakatadhanang matiwalag, at walang paraan para makamit nila ang kaligtasan. Ang lahat ng nananampalataya sa Diyos sa loob ng ilang taon pero hindi kailanman tumanggap sa katotohanan at walang mga patotoong batay sa karanasan ay matitiwalag. Walang makakaligtas. Ang mga basura at ang mga walang kuwenta ay mga pabigat lahat at nakatadhana silang itiwalag. Kung mga pabigat lamang ang mga lider at manggagawa, mas lalo silang dapat tanggalin at itiwalag. Ang mga taong magulo ang isip na kagaya nito ay gusto pa ring maging mga lider at manggagawa; hindi sila karapat-dapat! Hindi sila gumagawa ng anumang tunay na gawain, pero gusto nilang maging mga lider. Tunay ngang wala silang kahihiyan!

Pagkatapos matanggal sa kanilang mga posisyon ang ilang lider at manggagawa, sinasabi nila, "Kay ganda na hindi maging isang lider o manggagawa. Hindi ko kailangang mabalisa o abalahin nang husto ang sarili ko. Ang saya na maging isang ordinaryong kapatid. Bakit ko pa aabalahin ang sarili ko diyan? Hindi ako nagtataglay ng kakayahan para lang pagurin nang husto ang sarili ko." May iba na nagtatanong sa kanila, "Ano ang gagawin mo ngayong hindi ka na isang lider o manggagawa?" Sasagot sila, "Ayos lang sa akin na gumawa ng anumang bagay, basta't hindi masyadong nakakapagod at hindi kailangang gumugol ng labis na pagsisikap—isang bagay na kinasasangkutan ng paglalakad-lakad at patingin-tingin sa paligid, o pag-upo at pakikipag-usap o pagtingin sa kompyuter, at hindi nangangailangan ng napakahabang oras o pisikal na pagdurusa ay ayos lang." Anong klase ng pananalita ito? Kung matutuklasan ninyo na ang pinili ninyong lider o manggagawa ay ganitong klase ng tao, ano ang mararamdaman ninyo sa puso ninyo? Hindi ba't makakaramdam kayo ng matinding pagsisisi? (Oo.) Kung gayon, magkakaroon ba kayo ng anumang mga kaisipan tungkol dito? Sasabihin mo, "Noong una, nakita ko na mayroon kang kaunting kakayahan at gusto kitang iangat at linangin, at bigyan ka ng pagkakataon, para

maunawaan mo ang ilan pang katotohanan. Hindi ko kailanman naisip na mas mababa ka pa kaysa sa walang kuwenta. Nagsisisi ako na itinuring kita bilang isang tao noon. Hindi ko kailanman inakala na hindi ka pala isang tao. Mas mababa ka pa nga kaysa sa isang baboy o aso, isa kang basura. Hindi ka karapat-dapat na magsuot nitong balat ng tao, at hindi ka karapat-dapat na maging isang tao!" Ang mga salitang ito ba ay hindi kanais-nais pakinggan? (Hindi.) Kanais-nais pakinggan ang mga salitang ito sa inyo, pero hindi ba't masyadong hindi kanais-nais pakinggan ang mga ito sa ganitong uri ng basura? (Oo.) May puso ba ang basurang gaya nito? (Wala.) Kung gayon, kaya ba nilang tukuyin kung nagsasabi ng mabubuti o masasamang bagay tungkol sa kanila ang isang tao? Kapag nakatagpo ng anumang usapin ang mga taong walang puso, hindi nila babaguhin ang saloobin nila ng pagpapalipas ng mga araw nila nang walang ginagawa. Sa tingin nila, ayos lang basta't nakikinabang at kumikita sila mismo at komportable ang pakiramdam nila. Kaya, kahit ano pa ang sabihin ng sinuman, wala silang pakialam. Ang sikat nilang kasabihan ay: "Kahit ano pa ang sabihin mo, kahit ano pa ang tingin o pagsusuri mo sa akin, o kahit paano mo ako iklasipika o pangasiwaan, wala akong pakialam!" Hindi ba't sadyang basura ang mga taong ito? Kahit ano pa ang sabihin mo, wala silang anumang pakiramdam at hindi nila ito isinasapuso. Bakit hindi nila ito isinasapuso? Sadyang mga tamad sila, at wala silang puso. Walang dignidad o integridad ang mga taong walang puso, wala silang pakialam sa kahit anong sabihin mo, at kahit gaano ka pa kahigpit magsalita sa kanila, hindi makakaramdam ng kirot ang mga puso nila. Tanging ang mga may dignidad, integridad, at katwiran ang masasaktan at makakaramdam na tinutusok ang mga puso nila kapag nakakarinig sila ng gayong mga salita. Sasabihin nila, "Iyon ay isang hamak na paraan ng pag-asal ko, minaliit ako ng mga tao dahil doon, at nawalan ako ng dignidad, kaya, hindi na ako aasal nang ganoon. Gusto kong mabawi ang dignidad ko at hindi magsanhing maliitin ako ng mga tao. Magsisikap ako na mabawi ang karangalan ko, at gagawin ko ang lahat para mamuhay nang may dignidad at mapalugod ang Diyos." May pakiramdam sila pagdating sa mga salitang nakakasakit sa dignidad nila at tumutusok sa masakit na bahagi, sa mahinang bahagi nila—ang mga ito ay mga taong may puso. Kapag ang mga may pakiramdam at nagtataglay ng dignidad ay nakakarinig ng mga tamang pahayag at nakakakita ng mga positibong bagay at nakikilala kung ano ang tama at mali, may determinasyon silang magbago dahil may dignidad sila, at ayaw nilang maliitin sila ng iba. Iyong mga tamad at walang silbing tao ay walang dignidad, at kaya, kahit ano pa ang sabihin mo sa kanila, kahit gaano pa katama o katumpak o kaayon sa katotohanan ang mga pahayag mo, o kahit gaano pa kapositibong bagay ang mga pahayag mo, wala itong epekto sa mga taong ito at hindi sila maaantig kahit kaunti. Ang isang tao na walang dignidad ay walang anumang pakiramdam sa anumang positibong bagay, anumang hatol, o anumang paglalantad, ni wala siya ng tamang saloobin tungkol sa kung anong uri ng landas sa buhay ang dapat piliin. Kaya naman, kahit ano pa ang sabihin mo sa kanya, kahit paano mo pa siya ilantad o ilarawan, tiyak na ayaw niyang tanggapin ito, at wala siyang pakialam.

Kung gayon, may anumang silbi pa ba ang pangangaral ng katotohanan at pagbibigay ng mga sermon sa gayong mga tao? May anumang silbi ba ang pagpupungos sa kanila? May anumang silbi ba ang paghahatol at pagkakastigo sa kanila? Wala! Ang gayong mga tao ay sadyang walang silbi. Iniraraos lang nila ang mga araw nila, at nabibilang sila sa kategorya ng mga hayop—sa tumpak na salita, hindi sila tao. Hindi sila karapat-dapat na marinig ang mga salita ng Diyos. Kung magiging mga lider ng iglesia ang mga walang kuwenta at parasitong ito, matutuklasan ba nila ang mga problemang umiiral sa iglesia? Malulutas ba nila ang mga isyu? Tiyak na hindi. Kung magbabahagi ng isyu ang mga hinirang ng Diyos, kaya ba nilang lutasin ito? Tiyak na hindi rin nila ito kayang lutasin. Wala silang kapabilidad na lumutas ng anumang isyu, kaya paano nila magagawa ang gawain ng pamumuno? Malayong mangyari iyon! Bilang mga lider at manggagawa, kahit papaano, dapat malutas ng mga tao ang mga problemang umiiral sa gawain ng iglesia at ang mga problemang umiiral sa buhay pagpasok ng mga hinirang ng Diyos. Kung magsasanay sila nang ilang panahon at magkakaroon ng kaunting karanasan, at kaya rin nilang makipagbahaginan tungkol sa ilang katotohanan at magtalakay tungkol sa ilang patotoong batay sa karanasan, unti-unti silang magiging mahusay sa gawain ng pamumuno. Kung wala silang kapabilidad na tumuklas o lumutas ng anumang mga problema, hinding-hindi nila magagawa ang gawain ng pamumuno; kung gayon, sila ay mga huwad na lider, at dapat silang tanggalin, at dapat maghalal ng mga bagong lider.

Iyong mga nagsisilbi bilang mga lider ay dapat may kaunting pagkaunawa sa katotohanan kahit papaano at may ilang praktikal na karanasan. Kung wala silang anumang karanasan, tiyak na wala rin silang pagkaunawa sa anuman sa katotohanan. Ang ilang tao na nagsisilbi bilang mga lider ay magaling mangaral ng mga salita at doktrina, at nakakatanggap sila ng pagsang-ayon at papuri mula sa karamihan. Bagama't sa panlabas ay kayang sumagot ng mga huwad na lider ng mga katanungan, hindi nila kayang magbahagi tungkol sa mga katotohanang prinsipyo. Tanging hungkag na teorya ang ipinangangaral nila, at walang anumang praktikal dito. Kapag naririnig ng mga tao ang pangangaral nila, pakiramdam ng mga taong ito ay nakaaayon ang pangangaral nila sa panlasa ng mga ito, at iyong mga walang pagkilatis ay labis na sumasang-ayon dito. Gayumpaman, pagkatapos nito, wala pa rin silang landas ng pagsasagawa at hindi nila mahanap ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Maituturing bang nalutas nito ang anumang mga isyu? Hindi ba't ito ay pagiging pabaya nila? Maituturing ba na paggawa ng tunay na gawain ang ganitong paraan ng paglutas sa mga isyu? Ang mga huwad na lider ay hindi gumagawa ng tunay na gawain, ngunit alam nila kung paano kumilos gaya ng isang opisyal. Ano ang unang bagay na ginagawa nila kapag nagiging lider sila? Ito ay ang kunin ang pabor ng mga tao. Ginagamit nila ang pamamaraang "Ang mga bagong opisyal ay sabik magpasikat": Una ay gumagawa sila ng ilang bagay para magpalakas sa mga tao at nangangasiwa sila ng ilang bagay na nagpapabuti sa pang-araw-araw na kapakanan ng lahat. Sinisikap muna nilang mag-iwan ng magandang impresyon sa mga tao, para maipakita sa lahat na kaayon sila ng

masa, para purihin sila ng lahat at sabihin na, “Kumikilos na parang isang magulang namin ang lider na ito!” Pagkatapos ay opisyal na silang mamumuno. Pakiramdam nila ay mayroon na silang popular na suporta at matatag na ang kanilang posisyon; pagkatapos, nagsisimula silang magtamasa ng mga pakinabang ng katayuan na para bang nararapat iyon sa kanila. Ang kanilang mga kasabihan ay, “Ang buhay ay tungkol lamang sa pagkain at pananamit,” “Maigsi ang buhay, kaya magpakasaya habang kaya,” at “Magpakasaya ka na ngayon, bukas ka na mag-alala.” Nagpapakaligaya sila sa bawat araw na dumarating, nagpapakasaya sila hangga’t kaya nila, at hindi nila iniisip ang hinaharap, lalong hindi nila isinasaalang-alang kung anong mga responsabilidad ang dapat tuparin ng isang lider at kung anong mga tungkulin ang dapat nilang gawin. Nangangaral sila ng ilang salita at doktrina at ginagawa ang ilang gampanin para magpakitang-tao tulad ng nakagawian—hindi sila gumagawa ng anumang tunay na gawain. Hindi nila tinutuklas ang mga tunay na problema sa iglesia at hindi ganap na nilulutas ang mga iyon, kaya ano ang silbi ng paggawa nila ng gayong mga paimbabaw na gampanin? Hindi ba’t mapanlinlang ito? Maipagkakatiwala ba ang mahahalagang gampanin sa ganitong uri ng huwad na lider? Naaayon ba sila sa mga prinsipyo at kondisyon ng sambahayan ng Diyos sa pagpili ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Walang anumang konsensiya o katwiran ang mga taong ito, wala silang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad, subalit nais pa rin nilang magkaroon ng posisyon bilang opisyal, na maging isang lider, sa iglesia—bakit masyado silang walang kahihiyan? Para sa ilang taong may pagpapahalaga sa responsabilidad, kung mahina ang kanilang kakayahan, hindi sila maaaring maging lider—lalo pa ang mga taong walang silbi na wala talagang pagpapahalaga sa responsabilidad; lalong hindi sila kalipikadong maging mga lider. Gaano ba katamad ang gayong mga matakaw at batugang huwad na lider? Kahit may natuklasan silang isyu, at alam nila na isyu ito, hindi nila ito sineseryoso at hindi pinapansin. Napaka-iresponsable nila! Bagama’t magaling silang magsalita at tila may kaunting kakayahan, hindi nila kayang lumutas ng iba’t ibang problema sa gawain ng iglesia, na humahantong sa pagkahinto ng gawain; patuloy na nagkakapatong-patong ang mga problema, pero hindi inaabala ng mga lider ang kanilang sarili sa mga ito, at iginigiit na isagawa ang ilang mababaw na gampanin gaya ng nakagawian na. At ano ang resulta sa huli? Hindi ba’t ginugulo nila ang gawain ng iglesia, hindi ba’t sinisira nila iyon? Hindi ba’t nagsasanhi sila ng kaguluhan at kawalan ng pagkakaisa sa iglesia? Ito ang hindi maiiwasang kalalabasan. Sa sitwasyong ito, magbibigay ba ng ulat ang mga huwad na lider sa ang Itaas? Tiyak na hindi. Kung may isang tao sa iglesia na gustong mag-ulat sa ang Itaas ng mga problema ng mga huwad na lider, papayagan ba nila ito? Talagang tiyak na susupilin at pipigilan nila ang taong iyon, hindi nila papayagan ang sinuman na mag-ulat ng problema sa ang Itaas, at paghihigpitan, susupilin, at ibubukod nila ang sinumang gagawa niyon. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba’t masyadong kasuklam-suklam ang mga huwad na lider na ito? Kahit gaano pa nila napinsala ang gawain ng iglesia, hindi pa rin nila pahihintulutan na malaman ng ang Itaas ang tungkol dito, lalo na ang lutasin ito. Ang

mahalaga lang sa kanila ay ang pagpapasasa sa mga pakinabang ng katayuan nila at protektahan ang sarili nilang banidad at pride—talagang kasuklam-suklam at walang kahihiyan ang gayong mga tao! Hindi ba't lubos silang walang konsensiya at walang pagkatao? Kapag nag-uusisa ang ang Itaas tungkol sa gawain, walang pag-aalinlangan nilang sinasabi na walang mga problema, nagsisinungaling at nagkukunwari sila sa ang Itaas—sa paggawa nito, hindi ba't nililinlang nila ang ang Itaas at itinatago nila ang mga bagay mula sa mga nasa ilalim nila? Patuloy na nagpapatong-patong ang mga problema sa gawain ng iglesia, at hindi malutas ng mga huwad na lider ang mga problemang ito nang sila lang, pero hindi rin nila iniuulat ang mga isyung ito sa ang Itaas. Sa ilalim ng mga ganitong sitwasyon, kumikilos sila na parang walang problema; nagpapasasa pa rin sila sa kaginhawahan, nakaupo nang walang ginagawa buong araw at nagpapalipas ng mga araw nila, at hindi sila nababalisa kahit kaunti. At kapag nalantad ang mga problema at sinisiyasat ito nang mabuti ng ang Itaas, sinasabi pa rin nila, "Isinaayos ko ang mga tao para gawin ang gawaing ito. Natupad ko ang mga responsabilidad ko. Kung hindi nagawa nang maayos ang gawain, kasalanan na iyon ng iba. Anong kinalaman nito sa akin?" Sa ilang salitang ito, tuluyan silang naghuhugas-kamay sa anumang pananagutan. Para bang wala silang anumang pananagutan para sa usaping ito. Hindi lang nila hindi pinagninilayan ang kanilang sarili, makatwiran at panatag din ang pakiramdam nila, na sinasabi, "Sa anumang kaso, hindi ako nagpakatamad sa tungkulin ko; hindi ako pabigat. Kung hindi ako tatanggalin ng ang Itaas, patuloy akong magsisilbi bilang lider. Kung magbibitiw ako, hindi ba't ipagkakanulo ko ang Diyos? Hindi ba't kawalan ng katapatan sa tungkulin ko ang ipapakita ko?" Kung pupungusan mo sila, makakaisip sila ng maraming dahilan para pabulaanan ka. Hindi nila sasabihing may pananagutan sila sa usaping ito, hindi nila sasabihin kung ano ang mga responsabilidad nila, at hindi nila pagninilayan kung ano ang kalikasan ng hindi nila paglutas ng mga isyu at hindi paggawa ng tunay na gawain. Hindi ba't sobrang nakamumuhi ang gayong mga tao? Nagsasanhi sila ng pagkahinto sa gawain ng iglesia at pinipinsala ang mga hinirang ng Diyos sa loob ng mahabang panahon nang walang anumang bahid ng pagsisisi sa puso nila—tao pa rin ba sila? Mayroon pa rin ba silang kahit katiting na konsensiya o katwiran? Sinasabi ng ilang tao, "Hindi dapat mahalal bilang mga lider ang mga taong gaya nito." Ganito ito sa teorya; gayumpaman, talagang may ilang tao na ganito na kabilang sa mga nahalal na lider at manggagawa; isa itong katunayan. Nangyayari ang lahat ng ito dahil walang pagkilatis ang mga hinirang ng Diyos, at ito ay dahil din sa gusto ng karamihan sa mga tao ang mga mapagpalugod ng mga tao, at dahil dito, naghahalal sila ng ilang huwad na lider at manggagawa. Samakatwid, bago ang mga halalan ng iglesia, kailangang higit pang mapagbahaginan ang tungkol sa mga prinsipyo para sa paghalal ng mga lider at manggagawa, gayundin ang mga prinsipyo sa pagkilatis ng mga huwad na lider at huwad na manggagawa; matitiyak nito na mas maraming tao ang boboto nang alinsunod sa mga prinsipyo. Tanging sa paggawa nito, magkakaroon ng magagandang resulta mula sa mga halalan ng iglesia.

Sabihin ninyo sa Akin, kaya ba ng gayong mga kasuklam-suklam at walang kahihiyan na tamad ang gumawa ng mahusay na trabaho sa gawain ng iglesia bilang mga lider at manggagawa? Kaya ba nilang lutasin ang mga problemang umiiral sa iglesia o ang mga paghihirap na nararanasan ng mga hinirang ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang dapat ninyong gawin kapag nakatagpo kayo ng gayong mga huwad na lider? Ipagpalagay na may magsasabi, “Mahina ang kakayahan namin at wala kaming pagkilatis, kaya wala kaming magagawa kung makakatagpo kami ng isang huwad na lider.” Tama ba ito? Tiyak na hindi lahat sa iglesia ay mahina ang kakayahan at walang pagkilatis, hindi ba? Dapat ay may ilang tao kahit papaano na medyo nakakaunawa sa katotohanan. Kaya, kung may makakita ng isang huwad na lider na hindi kayang gumawa ng tunay na gawain o lumutas ng anumang mga problema, dapat siyang makipagbahaginan sa mga taong nakakaunawa sa katotohanan at hilingin sa mga ito na gamitin ang pagkilatis ng mga ito at gumawa ng paghusga. Angkop ba ito? (Oo, angkop ito.) Bakit ito angkop? Ano ang mga kahihinatnan kung hindi kaya ng isang lider ng iglesia na gumawa ng tunay na gawain? Sino ang magiging mga biktima? Hindi ba’t ang mga hinirang ng Diyos sa iglesia? Kung may kontrol ang isang huwad na lider sa iglesia sa loob ng tatlo o limang taon, gaano karaming tao ang maaapektuhan ang pagkaunawa sa katotohanan at pagpasok sa realidad? Gaano karaming tao ang maaantala ang pagkamit ng pagliligtas ng Diyos? Hindi lubos maisip ang mga kahihinatnang ito. Kaya, kapag natuklasan ang isang huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain at na walang kakayahang lumutas ng anumang isyu, malaking bagay ito para sa bawat isa sa mga hinirang ng Diyos, at dapat nilang agarang ilantad at iulat ang huwad na lider na iyon para maiwasan ang mga pagkaantala sa gawain. Ang mga napipinsala ng hindi paggawa ng tunay na gawain ng mga lider ng iglesia ay ang mga hinirang ng Diyos. Kung walang sinuman sa mga hinirang ng Diyos ang maglalantad o mag-uulat sa kanila, at lahat ng mga ito ay sadyang walang malasakit sa paggawa nito, wala nang pag-asa para sa iglesiang iyon. Ipagpalagay na sa mga puso ninyo ay palagi kayong nagkikimkim ng mga kaisipan ng hindi pag-ako ng responsabilidad tulad ng, “Tutal, ikaw ang lider. Hindi mo kayang gumawa ng tunay na gawain pero hindi mo iniuulat ang mga problema sa ang Itaas—kung maaantala nito ang gawain ng iglesia, papanagutin ka ng ang Itaas. Ano ang kinalaman nito sa amin? Bakit kailangan naming mag-alala tungkol dito? Hindi naman kami ang namamahala. Ikaw ang may pananagutan dito.” Kung palagi kayong nagkikimkim ng ganitong kuru-kuro sa mga puso ninyo, hindi ba’t maaantala nito ang mga bagay-bagay? Hindi ba’t maaapektuhan nito ang paghahangad ninyo sa katotohanan, pagpasok sa realidad, at pagkamit ng pagliligtas ng Diyos? Kung walang sinuman sa iglesia ang mananagot, hindi natin masasabi kung ang iglesiang ito ay makakapagpatotoo sa Diyos at makakatanggap ng mga pagpapala ng Diyos, at mas lalong hindi natin masasabi kung ilang tao ang magkakamit ng kaligtasan sa iglesiang ito. Kung ganito mag-isip at may ganitong pananaw ang lahat ng tao sa iglesiang ito, tiyak na walang pag-asa ang

iglesiang ito. Hindi ba't may ganitong problema ang mga pangkat ng mga gumagawa ng pelikula ngayon? Hindi nag-aasikaso ng mga isyu o nag-uulat ng mga problema ang ilan sa mga lider ninyo—sila ay mga huwad na lider. Nakikita ba ninyo ito? Hindi lumulutas ng mga problema ang mga lider na ito para sa inyo—hindi ba ninyo natuklasan na isa itong problema? Talaga bang natutuwa kayo tungkol dito? "Hindi iniuulat ng lider natin ang problemang ito at hindi malutas ang problemang ito, kaya, magandang pagkakataon ito para magpahinga tayo. Mabuti iyon! Bukod dito, hindi naman personal na tinanong ng ang Itaas ang tungkol sa usaping ito kamakailan, kaya hindi rin natin kailangang iulat ang problema. Bakit hindi natin subukang bigyan ang sarili natin ng kaunting oras para maglibang? Kailangan ba nating kunan ang pelikula nang napakabilis at ayon sa takdang oras? Maayos naman ang pag-usad natin! Ano ngayon kung hindi pa tayo tapos sa pagkuha ng pelikula? Kokondenahin ba tayo dahil dito?" Ito ba ang saloobin ninyo? Sa tingin ba ninyo ay hindi ganoon kahigpit ang iskedyul para sa gawain ng sambahayan ng Diyos, kaya puwede ninyo itong patagalin nang walang hanggan, at hangga't hindi nagtatanong o nagsisiyasat ang ang Itaas tungkol sa usaping ito, hindi ninyo kailangang mag-alala o makaramdam ng anumang presyur, at puwede ninyong lutasin lang ang anumang mga isyu na kaya ninyo, at hayaan na lang ang anumang hindi ninyo kaya? Ganito ba ang perspektiba ninyo? (Hindi.) Kung gayon, bakit hindi kayo nag-uulat ng mga problema kapag mayroon kayo ng mga ito? Ito ba ay dahil nasa ilalim kayo ng kontrol ng mga huwad na lider na ito o dahil ginamitan nila kayo ng isang mahiwaga at nakakatulirong mahika na nagsasanhing magdeliryo kayo at hindi makapagsalita? Ano ang problema rito? Kapag may mga problemang umiiral, alam ba ninyo ang tungkol sa mga ito? Kung sasabihin ninyo na hindi ninyo alam, nagsisinungaling kayo; kung alam ninyo ang tungkol sa mga ito pero hindi niyo ito iniuulat, ibig sabihin, nagiging pabaya kayo at lubhang iresponsable sa mga responsabilidad ninyo, at wala kayong anumang katapatan sa tungkulin ninyo. Kahit pa nagtatrabaho ka sa mundo para kumita ng pera, dapat ka pa ring maging karapat-dapat sa kakarampot na sahod na natatanggap mo. Lalo pa't ngayon na kinakain mo ang pagkain ng sambahayan ng Diyos; naghahangad ka ng kaligtasan habang ginagampanan ang tungkulin mo, at sa paggawa nito, inihahanda mo ang daan at ang sarili mong hantungan. Hindi mo ito ginagawa para sa sambahayan ng Diyos, ni para sa sinumang indibidwal, at lalong hindi para sa Akin—ginagawa mo ito para sa sarili mo. Sa mainam na salita, ginagawa ng mga tao ang tungkulin nila para magkamit ng kaligtasan, pero sa mas tumpak na salita, ginagawa nila ito para magkamit ng mga pagpapala at para magkaroon ng magandang hantungan. Dapat mong maunawaan nang malinaw ang usaping ito; huwag kang maging hangal. Hindi mo ginagampanan ang tungkulin mo para sa ibang tao o para sa mga magulang mo, at hindi mo ito ginagawa para magdala ng kaluwalhatian sa mga ninuno mo o ng karangalan sa pangalan ng pamilya mo—ginagawa mo ito para sa sarili mo. Nilikha ka ng Diyos, at mula pa nang likhain Niya ang mundo, pauna na Niyang itinakda na ipapanganak ka sa mga huling araw. Dinala ka Niya sa Kanyang sambahayan, hinayaan

ka Niyang marinig ang Kanyang tinig, hinayaan ka Niyang kumain at uminom ng Kanyang mga salita araw-araw at tumanggap ng panustos sa buhay, at binigyan ka Niya ng pagkakataon upang magampanan mo ang iyong tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Ito ang pinakamaganda mong pagkakataon bilang isang nilikha para magkamit ng kaligtasan, at ito rin ang tanging pagkakataon mo. Kung, habang ginagampanan mo ang iyong tungkulin, sisirain mo ang pagkakataong ito, kahit na maparusahan ka o umiyak at magngalit ang mga ngipin mo kapag sa huli ay nasadlak ka sa mga sakuna, kagagawan mo ang lahat ng iyon, at nararapat lang iyon sa iyo! Ito ay sariling kasalanan mo. Hindi kailangang pasanin ng ibang mga tao ang mga responsabilidad mo, at hindi mo rin kailangang pasanin ang mga responsabilidad ng ibang mga tao. Ikaw lang ang puwedeng umako ng responsabilidad sa landas na tinatahak mo at sa lahat ng ginagawa mo ngayon, at ikaw lang ang puwedeng pumasan ng mga kahihinatnan sa huli. Ang magagawa Ko lang ay ipaunawa sa inyo ang mga bagay na dapat Kong bigkasin at sabihin sa inyo, at ihanda ang daan para sa inyo upang maaari kayong tumahak sa landas ng kaligtasan. Naipaliwanag Ko na nang malinaw ang lahat, kaya, kayo na ang bahala kung paano kayo kikilos mismo. Hindi Ko na inaalala ang mga personal ninyong isyu; ginagampanan Ko lang ang gawaing nakatalaga sa Akin, at hindi Ako gumagawa ng anumang gawain na higit pa rito. Hindi ba't isa itong katunayan na ginagawa mo ang iyong tungkulin alang-alang sa sarili mong hantungan? Kung sasabihin mo, "Napakaraming problema, pero hindi iniuulat ng lider ko ang mga ito, kaya hindi ko rin iuulat ang mga ito," hindi ba't kahangalan iyon? Hindi ba't isa iyong pagkakalkula? Ano ang responsabilidad mo kapag nakakakita ka ng isang problema? Ang responsabilidad mo ay ang tipunin ang lahat at patahimikin ang sarili ninyo para maghanap at makipagbahaginan tungkol sa problema, para makita kung saang bahagi lumitaw ang problema, at para matukoy ang pinakaugat ng problema. Kung, pagkatapos ng ilang talakayan, ay natukoy ang pinakaugat, pero hindi ninyo magawang lutasin ang problema nang kayo-kayo lang, dapat ninyo itong iulat kaagad sa ang Itaas. Sino ang dapat mag-ulat nito? Dapat kang magboluntaryo at sabihin, "Ako ang mag-uulat. Kung hindi iyon uubra, puwede tayong pumili ng ilang kinatawan at iulat ito nang sama-sama." Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ba't may lider tayo?" Ang sagot mo, "Hindi siya lider! Hindi man lang niya tinutupad ang mga responsabilidad ng isang tao. Isa lang siyang hayop na may balat ng tao, at dapat siyang paalisin nang apurahan at tanggalin! Hindi niya iniuulat ang problema, kaya dapat tayo na mismo ang mag-ulat nito—ito ang responsabilidad natin. Tanging kapag natupad natin ang mga responsabilidad natin, saka lang tayo ituturing ng Diyos bilang mga tao. Kung malinaw nating alam kung ano ang mga responsabilidad natin, pero hindi natin tinutupad ang mga ito, hindi tayo karapat-dapat na maging tao, at hinding-hindi tayo ituturing ng Diyos bilang tao." Kung hindi ka ituturing ng Diyos bilang isang tao, ano ang ipinapahiwatig nito na ituturing Niya sa iyo? Ipinapahiwatig nito na itinuturing ka Niya bilang isang baboy o isang aso. Kung gayon, ililigtas ka pa rin ba ng Diyos? Hindi. Kaya naman, kung hindi ka mauuwi sa isang magandang hantungan, hindi

ba’t ikaw ang may gawa niyon sa sarili mo? At hindi ba’t nawalan ng saysay ang paggawa mo sa tungkulin mo? Nasa sa iyo ang pagpili sa landas mo, at nasa sa iyo rin kung tatahakin mo ito. Anuman ang landas na piliin mo, o kung ano ang mga panghuling kahihinatnan, ikaw ang may pananagutan; walang sinuman ang mananagot para sa landas na tatahakin mo at sa mga kahihinatnan.

Kung, bilang mga lider at manggagawa, binabalewala ninyo ang mga problemang lumilitaw sa paggampan ng mga tungkulin, at naghahanap pa kayo ng iba’t ibang dahilan at palusot para umiwas sa pananagutan, at hindi ninyo nilulutas ang ilang problema na kaya ninyong lutasin, at hindi ninyo inuulat sa ang Itaas ang mga problemang hindi ninyo kayang lutasin, na para bang walang kinalaman ang mga ito sa inyo, hindi ba’t pagpapabaya ito sa responsabilidad? Ang pagtrato ba sa gawain ng iglesia sa ganitong paraan ay pagiging mautak o pagiging hangal? (Ito ay pagiging hangal.) Hindi ba’t tuso ang gayong mga lider at manggagawa? Hindi ba’t wala silang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad? Kapag nahaharap sila sa mga problema, binabalewala nila ang mga ito—hindi ba’t sila ay mga taong walang pakialam? Hindi ba’t mga tuso silang tao? Ang mga tusong tao ang pinakahangal sa lahat. Dapat kang maging matapat na tao, dapat magkaroon ka ng pagpapahalaga sa responsabilidad kapag humaharap ka sa mga problema, at dapat mong subukan ang lahat ng paraan at hanapin ang katotohanan upang malutas ang mga ito. Hinding-hindi ka dapat maging tusong tao. Kung ang iniisip mo lang ay ang pag-iwas sa pananagutan at paghuhugas-kamay rito kapag lumilitaw ang mga problema, makokondena ka dahil sa pag-uugaling ito kahit sa gitna ng mga walang pananampalataya, bukod pa sa sambahayan ng Diyos! Ang pag-uugaling ito ay tiyak na kinokondena at isinusumpa ng Diyos, at ito ay kinasusuklaman at tinatanggihan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Gusto ng Diyos ang mga taong matapat, at nasusuklam Siya sa mga taong mapanlinlang at tuso. Kung isa kang tusong tao at kumikilos nang madaya, hindi ka ba kasusuklaman ng Diyos? Hahayaan ka lang ba ng sambahayan ng Diyos na makalusot? Sa malao’t madali, pananagutin ka. Gusto ng Diyos ang mga taong matapat at ayaw Niya sa mga taong tuso. Dapat malinaw itong maunawaan ng lahat, at huwag nang maguluhan at gumawa ng mga kahangalan. Ang pansamantalang kamangmangan ay maaaring pangatwiranan, pero kung talagang hindi tinatanggap ng isang tao ang katotohanan, masyadong matigas ang ulo niya. Marunong humawak ng responsabilidad ang mga taong matapat. Hindi nila isinasaalang-alang ang sarili nilang mga pakinabang at kawalan; iniingatan lamang nila ang gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos. Mayroon silang mababuti at matatapat na puso na gaya ng mga mangkok ng malinaw na tubig kung saan makikita mo ang ilalim sa isang sulyap. Wala rin silang itinatago sa kanilang mga kilos. Ang isang taong mapanlinlang ay laging nandadaya, laging nagpapanggap, pinagtatakpan at ikinukubli ang mga bagay-bagay, at binabalot nang husto ang sarili nila. Walang makakilatis sa ganitong uri ng tao. Hindi makilatis ng mga tao ang iyong mga saloobin, pero kaya ng Diyos na masiyasat ang mga bagay sa kaibuturan ng iyong puso. Kapag nakikita ng Diyos na

hindi ka isang matapat na tao, na tuso ka, na hindi mo kailanman tinatanggap ang katotohanan, palaging nililinlang ang Diyos, at hindi kailanman ibinibigay ang puso mo sa Kanya—ayaw ka ng Diyos, at kinasusuklaman at inaabandona ka ng Diyos. Anong klase ng mga tao ang umuunlad sa gitna ng mga walang pananampalataya, at ang mga mahusay mambola at mabilis mag-isip? Malinaw ba ito sa inyo? Ano ang diwa nila? Masasabi na lahat sila ay napakahirap na makilatis, sobrang mapanlinlang at tuso nilang lahat, sila ang mga tunay na diyablo at Satanas. Maaari bang iligtas ng Diyos ang ganitong mga tao? Wala nang higit pang kinasusuklaman ang Diyos kundi ang mga diyablo—mga taong mapanlinlang at tuso—at hinding-hindi ililigtas ng Diyos ang gayong mga tao. Hinding-hindi kayo dapat maging ganitong uri ng tao. Yaong mga palaging nagmamasid at alerto kapag nagsasalita sila, na mabulaklak ang dila at mapanlinlang at gumaganap ng isang papel para bumagay sa sitwasyon kapag pinapangasiwaan nila ang mga usapin—sinasabi Ko sa iyo, pinakakinasusuklaman ng Diyos ang gayong mga tao, hindi na maililigtas pa ang mga taong gaya nito. Tungkol sa lahat ng nabibilang sa kategorya ng mga mapanlinlang at tusong tao, kahit gaano pa kagandang pakinggan ang mga salita nila, lahat ng ito ay mapanlinlang, maladiyablong salita. Kapag mas magandang pakinggan ang kanilang mga salita, mas lalong mga diyablo at Satanas ang mga taong ito. Sila mismo ang klase ng mga tao na pinakakinasusuklaman ng Diyos. Talagang ito ay tama. Ano ang masasabi ninyo: Makakamit ba ng mga taong mapanlinlang, madalas magsinungaling, at mahusay mambola, ang gawain ng Banal na Espiritu? Kaya ba nilang makamit ang kaliwanagan at pagtanglaw ng Banal na Espiritu? Hinding-hindi. Ano ang saloobin ng Diyos ukol sa mga taong mapanlinlang at tuso? Itinataboy Niya ang mga ito, isinasantabi Niya ang mga ito at hindi pinapansin, itinuturing Niya sila bilang kauri ng mga hayop. Sa paningin ng Diyos, ang gayong mga tao ay nakabihis lamang ng balat ng tao at sa diwa, sila ay mga diyablo at Satanas, sila ay mga naglalakad na bangkay, at hinding-hindi sila ililigtas ng Diyos. Kaya, ano ang kalagayan ng mga taong ito ngayon? May kadiliman sa kanilang puso, wala silang tunay na pananalig, at kahit na anong mangyari sa kanila, hindi sila kailanman nabibigyang-liwanag o natatanglawan. Kapag nahaharap sa mga sakuna at kapighatian, nagdarasal sila sa Diyos, pero wala sa kanila ang Diyos, at wala silang tunay na maaasahan sa kanilang puso. Para magtamo ng mga pagpapala, sinusubukan nilang magpanggap nang mabuti, ngunit hindi nila mapigilan ang kanilang sarili, sapagkat wala silang konsensiya at katwiran. Hindi nila kayang maging mabubuting tao kahit gustuhin nila; kahit gusto nilang tumigil sa paggawa ng masasamang bagay, hindi nila kayang kontrolin ang sarili nila, hindi ito uubra. Makikilala ba nila ang kanilang sarili matapos silang paalisin at itiwalag? Bagama't malalaman nilang nararapat sa kanila ito, hindi nila ito aaminin sa sinuman, at kahit mukhang kaya nilang gawin ang kaunting tungkulin, kikilos pa rin sila sa madayang pamamaraan, at hindi magbubunga ng anumang malinaw na mga resulta ang kanilang gawain. Kaya ano ang masasabi ninyo: Nagagawa ba ng mga taong ito na tunay na magsisi? Talagang hindi. Ito ay dahil hindi sila nagtataglay ng konsensiya o katwiran at hindi nila minamahal ang katotohanan. Hindi inililigtas ng Diyos ang ganitong uri ng tuso at

masamang tao. Anong pag-asa ang mayroon sa pananampalataya sa Diyos para sa gayong mga tao? Ang kanilang paniniwala ay wala nang kabuluhan, at malamang na wala silang mapapala mula rito. Kung, sa buong pananalig nila sa Diyos, hindi hinahangad ng mga tao ang katotohanan, kahit ilang taon pa silang manampalataya, wala itong magiging epekto; kahit na manampalataya sila hanggang sa pinakahuli, wala silang matatamo. Para makamit ang Diyos, kailangang makamit ng mga tao ang katotohanan. Tanging kung nauunawaan nila ang katotohanan, naisasagawa ang katotohanan, at nakakapasok sa katotohanang realidad, saka lamang nila makakamit ang katotohanan at matatamo ang pagliligtas ng Diyos; at saka lamang nila matatamo ang pagkilala at mga pagpapala ng Diyos; at ito lamang ang pagkakamit sa Diyos. Kung gusto ng mga tao na makamit ang katotohanan, ang unang hakbang na dapat nilang gawin ay ang matutong tuparin ang mga responsabilidad nila, ibig sabihin, dapat nilang gawin nang maayos ang tungkulin nila—ito ang pinakapangunahing bagay. Tiyak na hindi dapat matuto ang mga tao mula sa mga huwad na lider, na nangangaral lang ng mga salita at doktrina at hindi gumagawa ng tunay na gawain, hindi nananagot sa anumang ginagawa nila, ginagawa ang lahat ng bagay nang pabasta-basta, at natitiwalag sa huli. Hindi maliit na usapin ang paggawa ng tungkulin; lubos na nabubunyag ang mga tao sa paggampan nila ng tungkulin nila, at itinatakda ng Diyos ang mga kalalabasan ng mga tao batay sa tuloy-tuloy na pagganap nila habang ginagawa ang tungkulin nila. Ano ang ibig sabihin kung hindi ginagawa nang maayos ng isang tao ang tungkulin niya? Nangangahulugan ito na hindi niya tinatanggap ang katotohanan o hindi siya tunay na nagsisisi, at itinitiwalag siya ng Diyos. Kapag natanggal ang mga huwad na lider at huwad na manggagawa, ano ang kinakatawan nito? Ito ang saloobin ng sambahayan ng Diyos sa gayong mga tao at, siyempre, kinakatawan din nito ang saloobin ng Diyos sa gayong mga tao. Kung gayon, ano ang saloobin ng Diyos sa mga walang silbing tao na gaya ng mga ito? Itinataboy, kinokondena, at itinitiwalag sila ng Diyos. Kaya, gusto pa rin ba ninyong magpasasa sa mga pakinabang ng katayuan at maging isang huwad na lider?

Pagkatapos manampalataya ng mga tao sa Diyos, ano ang pinakamasakit at pinakamalungkot na bagay na puwedeng mangyari sa kanila? Ang pinakamalaking bagay ay walang iba kundi ang malaman na pinaalis o pinatalsik sila, at na ibinunyag at itiniwalag sila ng Diyos—ito ang pinakamasakit at pinakamalungkot na bagay, at walang sinuman ang may gustong mangyari ito sa kanila pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos. Kaya, paano maiiwasan ng mga tao na mangyari ito sa kanila? Sa pinakamababa, kailangan nilang kumilos ayon sa konsensiya nila, ibig sabihin, kailangan muna nilang matutuhan kung paano tuparin ang mga responsabilidad nila, hinding-hindi sila dapat maging pabasta-basta, at hindi nila dapat antalahin ang ipinagkatiwala ng Diyos sa kanila. Dahil isa kang tao, dapat mong pagnilayan kung ano ang mga responsabilidad ng isang tao. Ang mga responsabilidad na pinakapinahahalagahan ng mga walang pananampalataya, gaya ng paggalang sa magulang, pagtustos sa mga magulang, at pagbibigay-karangalan para sa pamilya ay hindi na kailangang banggitin pa. Ang lahat ng ito ay walang kabuluhan at

walang tunay na kahulugan. Ano ang pinakamababang responsabilidad na dapat tuparin ng isang tao? Ang pinakamakatotohanang bagay ay kung paano mo ginagampanan nang maayos ang iyong tungkulin ngayon. Ang masiyahan sa pagraos lang ng mga bagay ay hindi pagtupad sa iyong responsabilidad, at ang pagsasabi lang ng mga salita at doktrina ay hindi pagtupad sa responsabilidad mo. Tanging ang pagsasagawa ng katotohanan at paggawa ng mga bagay-bagay nang ayon sa prinsipyo ay pagtupad sa iyong responsabilidad. Kapag epektibo na ang pagsasagawa mo ng katotohanan, at kapaki-pakinabang na ito sa mga tao, saka mo lamang tunay na matutupad ang iyong responsabilidad. Anumang tungkulin ang iyong ginagawa, tanging kapag iginigiit mong kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo sa lahat ng bagay, saka mo lamang tunay na matutupad ang iyong responsabilidad. Ang wala sa loob na paggawa ayon sa paraan ng tao sa paggawa ng mga bagay-bagay ay pagiging pabasta-basta; ang pagkapit lamang sa mga katotohanang prinsipyo ang wastong paggampan sa iyong tungkulin at pagtupad sa iyong responsabilidad. At kapag tinutupad mo ang iyong responsabilidad, hindi ba ito pagpapamalas ng katapatan? Ito ang pagpapamalas ng tapat na paggampan sa iyong tungkulin. Tanging kapag mayroon ka ng ganitong pagpapahalaga sa responsabilidad, ng ganitong determinasyon at pagnanais, at ng ganitong pagpapamalas ng katapatan patungkol sa iyong tungkulin, saka ka lamang titingnan ng Diyos nang may pabor at pagsang-ayon. Kung hindi mo man lang taglay ang ganitong pagpapahalaga sa responsabilidad, itituring ka ng Diyos na isang tamad, isang mangmang, at kasusuklaman ka Niya. Sa pananaw ng tao, ang ibig sabihin nito ay hindi ka iginagalang, hindi ka sineseryoso, at mababa ang tingin sa iyo. Katulad ito ng kapag matagal-tagal mo nang nakakaugnayan ang isang tao, at nakikita mong nagsasalita siya tungkol sa mga magarbo, di-praktikal na usapin, at nagdadaldal ng mga di-makatotohanang bagay, at napapansin mong mahilig siyang magyabang at magmalaki, at na hindi siya maaasahan—rerespetuhin mo ba siya? Maglalakas-loob ka bang ipagkatiwala sa kanya ang anumang gampanin? Marahil ay maaantala niya ang gampaning ipagkakatiwala mo sa kanya dahil sa ilang kadahilanan, at kaya hindi ka maglalakas-loob na ipagkatiwala ang anumang bagay sa mga ganoong tao. Kasusuklaman mo siya mula sa kaibuturan ng puso mo, at pagsisisihan mo na nakaugnayan mo pa siya. Mararamdaman mong mapalad ka na hindi mo siya pinagkatiwalaan ng anumang bagay, at iisipin mo na kung ginawa mo iyon, pagsisisihan mo iyon habambuhay. Ipagpalagay nating nakisalamuha ka sa isang tao at, sa pamamagitan ng pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa kanya, nakita mo na bukod sa nagtataglay siya ng mabuting pagkatao, mayroon din siyang pagpapahalaga sa responsabilidad, at kapag ipinagkakatiwala mo sa kanya ang isang gampanin, kahit may kaswal kang sinabi sa kanya, itinatanim niya ito sa isipan niya, at nag-iisip siya ng mga paraan kung paano niya mapapangasiwaan nang maayos ang gawain para mapalugod ka, at kung hindi niya magagawa nang maayos ang ibinigay mong gampanin sa kanya, mahihiya siyang makita ka pagkatapos niyon—isa itong taong may pagpapahalaga sa responsabilidad. Hangga't sinasabihan siya o may isang bagay na naitalaga sa kanya—isang

lider man, manggagawa, o ang Itaas ang nag-atas sa kanya—palaging iisipin ng mga taong may pagpapahalaga sa responsabilidad na, “Aba, dahil ganito kataas ang tingin nila sa akin, dapat kong pangasiwaan nang mabuti ang usaping ito at hindi sila biguin.” Hindi ba’t mapapanatag kang magkatiwala ng isang gampanin sa gayong mga tao na nagtataglay ng konsensiya at katwiran? Ang taong puwede mong pagkatiwalaan ng isang gampanin ay tiyak na iyong mga pinapaboran at pinagkakatiwalaan mo. Sa partikular, kung napangasiwaan nila ang ilang gampanin para sa iyo at naisakatuparan ang mga ito nang maingat, at ganap na natugunan ang iyong mga hinihingi, iisipin mo na sila ay mapagkakatiwalaan. Sa puso mo, talagang hahangaan mo sila at tataas ang tingin mo sa kanila. Handang makisama ang mga tao sa ganitong uri ng tao, lalo naman ang Diyos. Sa palagay ba ninyo ay handang ipagkatiwala ng Diyos ang gawain ng iglesia at ang tungkulin na obligadong gawin ng isang tao sa isang taong hindi mapagkakatiwalaan? (Hindi, hindi Niya gagawin iyon.) Kapag nagtatalaga ang Diyos ng isang gawain ng iglesia sa isang tao, ano ang ekspektasyon ng Diyos sa taong ito? Unang-una, umaasa ang Diyos na masipag at responsable siya, na tatratuhin niya ang gawaing ito na parang isang malaking bagay at pangasiwaan ito nang naaayon, at gawin ito nang maayos. Pangalawa, umaasa ang Diyos na siya ay isang taong mapagkakatiwalaan, at kahit gaano pa katagal ang oras na lumipas, at paano man magbago ang kapaligiran, hindi magbabago ang pagpapahalaga niya sa responsabilidad, at ang kanyang integridad ay makakapanindigan sa pagsubok. Kung isa siyang mapagkakatiwalaang tao, mapapanatag ang Diyos, at hindi na Niya pangangasiwaan o kukumustahin ang bagay na ito. Ito ay dahil, sa puso ng Diyos, nagtitiwala Siya sa taong ito, siguradong makokompleto niya ang gampaning ibinigay sa kanya nang walang anumang mangyayaring problema. Kapag ipinagkakatiwala ng Diyos sa isang tao ang isang gampanin, hindi ba’t ito ang inaasahan ng Diyos? (Ito nga.) Pagkatapos, kapag naunawaan mo na ang layunin ng Diyos, dapat mo namang malaman sa puso mo kung paano kumilos para matugunan ang mga hinihingi ng Diyos, kung paano makahanap ng pabor sa paningin ng Diyos at makuha ang tiwala ng Diyos. Kung malinaw mong nakikita ang sarili mong mga pagpapamalas at pag-uugali, at ang iyong saloobin sa pagharap mo sa iyong tungkulin, kung mayroon kang kamalayan sa sarili, at alam mo kung ano ka, hindi ba’t hindi makatwiran kung hihilingin mo na paboran ka ng Diyos, pakitaan ka Niya ng kabutihan, o bigyan ka ng espesyal na pagtrato? (Oo, hindi ito makatwiran.) Kahit mababa ang tingin mo sa sarili mo, kahit minamaliit mo ang iyong sarili, subalit hinihiling mong paboran ka ng Diyos—walang katuturan ito. Dahil dito, kung gusto mong paboran ka ng Diyos, kahit papaano, dapat ay mapagkakatiwalaan ka sa mga mata ng ibang tao. Kung gusto mong pagkatiwalaan ka ng iba, paboran ka, pahalagahan ka, sa pinakamababa ay kailangan mong maging marangal, magkaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad, maging tapat sa iyong salita, at mapagkakatiwalaan. Higit pa rito, dapat kang maging masipag, responsable, at tapat sa harap ng Diyos—kung magkagayon, maituturing nang natupad mo ang mga hinihingi ng Diyos sa iyo. Pagkatapos, magkakaroon ka ng pag-asa na makamit ang pagsang-ayon ng Diyos, hindi ba? (Oo, may pag-asa.) Mahirap ba itong

makamit? (Hindi.) Maging ang mga tao ay gustong makahanap ng maaasahang tao na mangangasiwa ng mga gampanin at mapapakisamahan, kaya isang kalabisan ba na hilingin ng Diyos na gawin ng mga tao nang maayos ang mga tungkulin nila, at na magkaroon Siya ng maliit na hinihingi sa mga tao? (Hindi, ito ay hindi isang kalabisan.) Hindi talaga ito isang kalabisan. Hindi ito para pahirapan ang mga tao, kundi ito ay napakawasto. Sadya lang na hindi handa ang mga tao na gawin ito, hindi nila pinagninilayan ang mga iniisip ng Diyos o pinapahalagahan ang mga layunin ng Diyos. Ang kaya lang nilang gawin ay ang patuloy na humingi sa Diyos, sinasabi nila, "Dapat Mo akong pagpalain! Dapat Mo akong pakitaan ng kabutihan! Dapat Mo akong gabayan!" Kung gayon, ano ba ang ginagawa mo? Talaga bang kaya mong tuparin ang tungkulin mo ayon sa konsensiya at katwiran mo? Talaga bang kaya mong maging masipag, responsable, at tapat? Ito ang pinakamababang kondisyong dapat mong matugunan para paboran ka ng Diyos. Hindi ba't ito ang direksiyong dapat pagsikapang sundan ng mga tao? Dahil nananampalataya ka sa Diyos, dapat kang magsikap tungo sa katotohanan at sa mga hinihingi ng Diyos—ito ang direksiyong dapat pagsikapang sundan ng mga tao. Dapat magsikap ang mga tao sa tamang direksiyon. Sa ganoong paraan, hindi na magiging hungkag ang kanilang paghahangad na mapalugod ang Diyos.

Sa puso nila, mayroon bang anumang konsepto ang mga huwad na lider tungkol sa pagpapalugod sa Diyos sa pananampalataya nila sa Kanya? Mayroon ba silang anumang saloobin? Malinaw na wala. Mayroon lang silang saloobin ng pagraos lang sa mundo, at ganoon din ang pagtrato nila sa Diyos, sa paraang lubhang walang galang at mapanghamak. Lubhang nagdudulot ng kahihiyan at lumalapastangan sa Diyos ang ganitong uri ng saloobin, at kinasusuklaman ito ng Diyos. Binigyan sila ng Diyos ng buhay at ng lahat ng bagay na taglay ng isang tao, ngunit ang saloobin nila sa lahat ng bagay na ibinigay ng Diyos sa kanila, sa mga pagsasaayos na ginagawa ng Diyos para sa buhay nila, sa atas at gawain ng Diyos, at sa sarili nilang mga tungkulin, ay pag-alipusta at paghamak. Ano ang ibig sabihin ng "paghamak"? Ang ibig sabihin nito ay ang kagustuhang iraos lang ang mga araw at hindi seryosohin ang anumang bagay. Lubos na kinasusuklaman ng Diyos ang saloobin nilang ito, kaya, tiyak na hindi Niya ililigtas ang gayong mga tao. Ano ang dapat ninyong maunawaan dito? Ito ay na hindi kayo dapat maging ganitong uri ng tao. Isa ka mang lider o hindi, o kung mayroon ka man ng ambisyon at pagnanais na maging isang lider o wala, dapat mo munang matutunan kung paano umasal, at tiyak na hindi maging isang tamad, batugan, o walang kuwentang tao. Sa pag-asal mo, dapat kang magkaroon ng matuwid na saloobin, dignidad, at pagpapahalaga sa responsabilidad—ito ang pinakabatayan na dapat gawin. Tanging sa pundasyong ito matutugunan ng mga tao ang mga hinihingi ng Diyos at makokompleto ang Kanyang atas. Kung wala ka ng kahit katiting na pundasyong ito, wala nang dapat pang pag-usapan.

Abril 3, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (9)

Dalawang Pamantayan sa Paghusga Kung Pasok Ba sa Pamantayan ang mga Lider at Manggagawa

Napagbahaginan na natin ngayon ang walong responsabilidad ng mga lider at manggagawa sa kabuuan, at patungkol sa walong responsabilidad na ito, hinimay natin ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider. Sa pamamagitan ng paghihimay sa mga ito sa ganitong paraan, mayroon na ba kayong kaunting pagkilatis sa mga huwad na lider? Kung isa kang lider, kaya mo bang iwasang makisali sa mga pagsasagawang ito ng mga huwad na lider? Kaya mo bang sadyang gampanan ang gawain at tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa batay sa mga responsabilidad na napagbahaginan natin? Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, dapat alam na ninyo ngayon sa inyong puso kung paano dapat gampanan ng mga lider at manggagawa ang kanilang gawain, kung anong mga detalye ang kaugnay sa paggampan ng gawaing ito, kung paano nila dapat ipatupad ang gawain, at kung paano nila dapat isagawa ang pagiging mga lider at manggagawa na pasok sa pamantayan. Kung sapat ang kakayahan ng isang tao, kung nagtataglay siya ng partikular na antas ng kapabilidad sa gawain, at nagbubuhat ng pasanin, dapat magawa niyang iwasang magpakita ng mga pagpapamalas na ito ng mga huwad na lider. Gayumpaman, kung ang isang tao ay may kakayahan at nagtataglay ng partikular na antas ng kapabilidad sa gawain, pero hindi siya nagbubuhat ng pasanin, kung gayon, kaya ba niyang maging isang lider na pasok sa pamantayan at na tumutupad sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Medyo mahirap para sa kanila na gawin ito. Ipagpalagay na nagbubuhat ng pasanin ang isang lider at hindi naman masama ang pagkatao niya, pero hindi niya lang alam kung paano gampanan ang gawain niya. Kahit paano makipagbahaginan sa kanya, hindi pa rin niya alam kung paano magpatupad o makilahok sa isang partikular na gawain, at hindi niya mahanap ang mga prinsipyo o direksiyon. Hindi rin siya marunong magbigay ng gabay para sa mga partikular na propesyon o gawain. Kapag lumilitaw ang mga isyu, hindi niya matukoy ang diwa ng mga problemang iyon, at hindi niya alam kung paano lutasin ang mga iyon. Dahil dito, madalas siyang napakapasibo at mabagal sa anumang gawaing ginagawa niya o sa anumang isyung inaasikaso niya. Kaya bang tuparin ng gayong tao ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Anong uri ng problema ito? Bagama't ang ganitong uri ng tao ay napakamasigasig, nagbubuhat ng pasanin, at gustong gampanan ang kanyang gawain, napakahina ng kakayahan niya, hindi siya nagtataglay ng kapabilidad sa gawain at hindi niya kayang pasanin ang gawain, o gumampan ng partikular na gawain o lumutas ng mga partikular na isyu; iniraraos lang niya ang gawain kapag nakikilahok siya sa anumang gawain, at masyado siyang

mabagal mag-isip, manhid, at pasibo. Ang resulta nito ay maraming lumilitaw na isyu, pero wala siyang kakayanang simulang lutasin ang mga ito, hindi niya alam kung saan nagmumula ang mga isyu, at lalong hindi niya alam kung paano pagbahaginan at lutasin ang mga ito, ni hindi niya magawang iulat ang mga isyu sa Itaas at maghanap mula sa Itaas. Samakatwid, hindi niya kayang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at kahit na mapili siya na maging lider, hindi siya mabuting lider—isa siyang huwad na lider.

Ngayong nagbahaginan na tayo sa walong responsabilidad ng mga lider at manggagawa, nakabuo na ba kayo ng isang batayang depinisyon ng isang huwad na lider? Paano dapat husgahan ng isang tao kung tinutupad ba ng isang lider ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, o kung huwad na lider ba ito? Sa pinakapayak na antas, kailangang tingnan kung may kakayanan ba siyang gumawa ng tunay na gawain, kung may ganito ba siyang kakayahan o wala. Pagkatapos, dapat tingnan kung may pasanin ba siya na gawin nang maayos ang gawaing ito. Huwag pansinin kung gaano kaganda pakinggan ang kanyang mga sinasabi o kung gaano niya tila nauunawaan ang mga doktrina, at huwag pansinin kung gaano siya kahusay at kagaling sa pangangasiwa ng mga panlabas na usapin—hindi mahalaga ang mga bagay na ito. Ang pinakamahalaga ay kung nagagawa ba niyang isagawa nang wasto ang mga pinakapangunahing aytem ng gawain ng iglesia, kung kaya ba niyang lutasin ang mga problema gamit ang katotohanan, at kung naaakay ba niya ang mga tao tungo sa katotohanang realidad. Ito ang pinakapangunahin at pinakamahalagang gawain. Kung hindi niya kayang gawin ang mga aytem na ito ng tunay na gawain, gaano man kahusay ang kakayahan niya, gaano man siya katalentado, o gaano man katinding paghihirap ang kailangan niyang tiisin o gaano man kalaking halaga ang kailangan niyang bayaran, huwad na lider pa rin siya. Sabi ng ilang tao, “Kalimutan ninyo na wala siyang ginagawang anumang tunay na gawain ngayon. Mahusay ang kakayahan niya at may kakayanan siya. Kung magsasanay siya sandali, tiyak na makagagawa siya ng tunay na gawain. Bukod pa riyan, wala siyang nagawang anumang masama at wala siyang nagawang kasamaan o hindi siya nagsanhi ng mga pagkagambala o kaguluhan—paano Mo nasasabing siya ay huwad na lider?” Paano natin ito maipaliliwanag? Hindi mahalaga kung gaano ka katalentado, kung anong antas ng kakayahan at edukasyon ang taglay mo, kung gaano karaming islogan ang kaya mong isigaw, o kung gaano karaming salita at doktrina ang naaarok mo; hindi alintana kung gaano ka man kaabala o kapagod sa isang araw, o kung gaano kalayo na ang iyong nalakbay, kung ilang iglesia na ang iyong binisita, o kung gaano kalaking panganib ang iyong hinarap at pagdurusang tiniis—wala sa mga ito ang mahalaga. Ang mahalaga ay kung ginagampanan mo ba ang iyong gawain nang ayon sa mga pagsasaayos ng gawain, kung tumpak mo bang naipatutupad ang mga pagsasaayos na iyon; kung, sa ilalim ng iyong pamumuno, ay nakikilahok ka ba sa bawat partikular na gawain na iyong responsabilidad, at kung ilang tunay na isyu ang talagang nalutas mo; kung ilang indibidwal ang nakaunawa sa mga

katotohanang prinsipyo dahil sa iyong pamumuno at paggabay, at kung gaano umusad at umunlad ang gawain ng iglesia—ang mahalaga ay kung nakamit mo ba o hindi ang mga resultang ito. Anuman ang partikular na gawaing kinabibilangan mo, ang mahalaga ay kung palagi ka bang sumusubaybay at nagdidirekta ng gawain sa halip na umaastang mataas at makapangyarihan at nag-uutos lamang. Bukod dito, ang mahalaga rin ay kung may buhay pagpasok ka ba o wala habang ginagawa mo ang iyong tungkulin, kung kaya mo bang harapin ang mga usapin nang ayon sa mga prinsipyo, kung may patotoo ka ba ng pagsasagawa sa katotohanan, at kung kaya mo bang pangasiwaan at lutasin ang mga tunay na isyung kinakaharap ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang ganitong mga bagay at iba pang katulad nito ay pawang mga pamantayan sa pagsusuri kung tinutupad ba o hindi ng isang lider o manggagawa ang kanyang mga responsabilidad. Masasabi ba ninyo na praktikal ang mga pamantayang ito? At patas sa mga tao? (Oo.) Patas ang mga ito sa lahat. Hindi mahalaga kung ano ang antas ng iyong edukasyon, kung bata ka ba o matanda, kung ilang taon ka nang nananampalataya sa Diyos, ang iyong senyoridad, o kung gaano karami na sa salita ng Diyos ang nabasa mo, wala sa mga ito ang mahalaga. Ang mahalaga ay kung gaano kahusay mong ginagawa ang gawain ng iglesia pagkatapos kang mapili bilang isang lider, kung gaano ka kaepektibo at kahusay sa gawain mo, at kung umuusad ba ang bawat aytem ng gawain nang maayos at epektibo, at nang hindi naaantala. Ito ang mga pangunahing bagay na sinusuri kapag sinusukat kung natutupad ba o hindi ng isang lider o manggagawa ang kanyang mga responsabilidad.

Sa pamamagitan ng pagbabahaginang kakatapos lang nating gawin, medyo mayroon na kayong malinaw na pagkaunawa at kaalaman tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pati na ng tumpak na pahayag tungkol sa depinisyon at diwa ng isang huwad na lider. Ang pinakapangunahing pamantayan sa paghusga kung ang isang tao ay isang huwad na lider ay ang tingnan kung kaya ba niyang gumawa ng tunay na gawain, at pagkatapos ay tingnan kung talaga bang gumagawa siya ng tunay na gawain. Ito ang dalawang pangunahing pamantayan: Una, kung siya ba ay may kakayanan, at ang isa pa ay kung siya ba ay may pagkukusang-loob. Kaya ba ninyong tandaan ang mga bagay na ito? Sinasabi ng ilang tao, “Hindi naman ako lider, kaya bakit dapat kong tandaan ang mga bagay na ito?” Wasto ba ang pahayag na ito? (Hindi.) Bakit hindi ito wasto? Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga katotohanang ito, sa isang banda, makikilala ng mga tao ang kanilang sarili, at sa kabilang banda, makikilatis nila ang ibang tao—ito ang mga katotohanang dapat unawain at taglayin ng mga tao, at hindi puwedeng hindi nila maunawaan ang mga ito. Una sa lahat, kailangan mong sukatin kung ikaw ba ay nagtataglay ng kakayahan at abilidad para maging isang lider ayon sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kung hindi mo taglay ang mga bagay na ito, huwag mong patuloy na naisin na maging lider. Kung hindi ka nagtataglay ng kakayahan para maging isang lider pero gusto mo pa ring maging lider, ambisyon ang tawag doon; sa sandaling maging lider ka, hindi ka magkakaroon

ng kakayanang gumawa ng tunay na gawain, at hindi maiiwasang ikaw ay magiging isang huwad na lider. Sinasabi ng ilang tao, “Mahusay ang kakayahan ko; sa lahat, ako ang pinakanamumukod-tangi. Madalas akong nakakaisip ng magagandang ideya, at ng ilang matalino at magandang suhestiyon. Mayroon akong galing sa lahat ng ginagawa ko, at medyo marami akong kaalaman, mga kabatiran, at karanasan. Hindi ba’t ang ibig sabihin ng lahat ng ito ay puwede akong maging lider?” Kung gayon, dapat mo ring sukatin ang sarili mo para tingnan kung mayroon kang pagpapahalaga sa responsabilidad at nagbubuhat ng pasanin. Kung opinyon lamang tungkol sa mga bagay-bagay ang mayroon ka, at nais mo lang na gumawa ng mga bagay-bagay, at palagi kang may malalaking ambisyon pero hindi mo kayang aktuwal na gawin ang mga ito, at hindi ka marunong magsikap at magbayad ng halaga, at ayaw mong magbayad ng anumang halaga—kung palagi mong gusto na magaan ang pakiramdam ng utak at puso mo, kung hilig mo ang walang ginagawa at hindi napipigilan, na magkaroon ng maginhawang buhay, at ayaw mong nag-aalala o nagpapakaabala, at natatakot ka sa sobrang pagod at paghihirap—kung gayon, hindi ka angkop na maging lider, at hindi mo magagawang pasanin o gampanan ang gawain ng pamumuno.

Katatapos lang nating ibuod ang dalawang pamantayan sa paghusga kung ang isang lider ay pasok ba sa pamantayan: Kung may kakayanan ba siyang gumawa ng tunay na gawain at kung gumagawa ba siya ng tunay na gawain. Kung nauunawaan ng mga tao ang dalawang pamantayang ito, dapat ganap na maging malinaw sa kanila kung kaya ba nilang maging isang lider, pati na rin kung kaya ba nilang gawin nang maayos ang gawain ng iglesia, lubusang tuparin ang kanilang mga responsabilidad, at maging isang lider na pasok sa pamantayan pagkatapos maging lider. Para sa mga kasalukuyang naglilingkod bilang mga lider at manggagawa, mayroon na ba kayong ilang landas at prinsipyo ngayon para sa kung paano sukatin kung nakagawa ba kayo ng tunay na gawain at kung natupad ba ninyo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa walong responsabilidad na ito ng mga lider at manggagawa, dapat ay magawa ninyong sukatin kung anong mga pagpapamalas ang ipinapakita ng mga huwad na lider at ibuod kung paano mismo dapat gampanan ng mga lider at manggagawa ang kanilang gawain, pati na kung saan sa inyong gawain kayo nagkukulang, hindi sapat, o hindi gaanong tiyak, at kung paano ninyo dapat gawin ang gawain simula ngayon—dapat mayroon kayo ng mga kabatirang ito kahit papaano. Kung wala kayong mga kongklusyon o kabatiran tungkol sa kung paano maging isang lider o manggagawa o kung paano tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, nangangahulugan iyon na hindi sapat ang inyong kakayahan para sa gampanin. Higit pa rito, kung lubos kayong nalilito kung paano makilatis ang mga huwad na lider, mas lalong ipinapakita nito na mahina ang inyong kakayahan. Mayroon ding isang espesyal na sitwasyon: May ilang tao, na kahit na napakinggan na nila ang mga pagbabahaginang ito, ay walang determinasyon

na magsumikap para sa katotohanan o tumupad sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, na sadyang hindi magawang seryosohin o isapuso ang usapin. Iniisip nila, “Wala akong pakialam kung sino ang huwad na lider. Ano’t anuman, kung magiging lider ako, gagawin ko lang ang anumang ipapagawa sa akin ng Itaas. Hindi ko kakailanganing magsikap nang husto o masyadong mag-isip.” Kapag nakikinig sila ng mga sermon, iniraraos lang nila ito at pinapalipas ang oras, at may bahagya lamang silang nalalaman kung tungkol saan talaga ang sermon, pero masyado silang tamad para ibuod kung anong mga katotohanan at mga hinihingi ng Diyos sa tao ang pinagbabahaginan, at hindi sila handang isapuso ang mga bagay na ito. Iniisip nila, “Masyadong malaking abala na kilatisin ang mga usaping ito. Ano’t anuman, isa lang naman ang hinihingi ko sa sarili ko, at iyon ay ang huwag gumawa ng masama, huwag magsanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan, at huwag mamukod-tangi sa karamihan, at sapat na iyon. Napakasimple lang nito! Magandang paraan ito para mamuhay; wala akong masyadong hinihingi sa sarili ko.” Ito lang ang perspektiba nila kahit gaano sila makinig sa mga sermon, at walang sinuman ang makakapagpabago sa kanila; paano ka man makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, anong pamamaraan man ang ginagamit mo para makipagbahaginan, o kung ano ang pinagbahaginan mo, hindi mo maaantig ang puso nila; hindi sila nababahala kung makinig man sila sa mga salitang ito o hindi, para sa kanila, wala itong masyadong ipinagkaiba. Iniraraos lang ng ganitong klase ng tao ang buhay, at wala silang anumang sineseryoso. Maliban sa pakikipagbahaginan tungkol sa walong responsabilidad ng mga lider at manggagawa—kahit pa magbahaginan tayo tungkol sa lahat ng ito, hindi pa rin sila makakaunawa at makakapagbuod ng anumang prinsipyo o landas. Ang ganitong mga tao ay walang pagmamahal sa mga positibong bagay, hindi sila interesado at hindi sila makapag-ipon ng lakas pagdating sa katotohanan o sa anumang positibong bagay, at sa halip, mayroon silang partikular na interes sa pagkain, pag-inom, at paghahanap ng kasiyahan. Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan tungkol sa walong responsabilidad ng mga lider at manggagawa, sa isang banda, naibuod natin ang ilang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pati na kung paano gumampan ng gawain at tuparin ang mga responsabilidad bilang isang lider o manggagawa; sa kabilang banda, naibuod natin ang ilang partikular na pagpapamalas na ipinakita ng mga huwad na lider. Katatapos lang natin ngayon sa dalawang pangunahing prinsipyo, dalawang pamantayan, para sa pagkilatis ng mga huwad na lider: Una ay kung ang isang tao ay may kakayanan bang gumawa ng tunay na gawain, at ang ikalawa ay kung talaga bang gumagawa siya ng tunay na gawain sa sandaling maunawaan niya ang mga katotohanang prinsipyo. Ang paggamit sa dalawang pamantayang ito ay ang pinakasimple at pinakaangkop na pamamaraan sa kasalukuyan para sukatin kung ang isang tao ba ay huwad na lider o hindi.

Ikasiyam na Aytem: Tumpak na Ipagbigay-alam, Iatas, at Ipatupad ang Iba't Ibang mga Pagsasaayos ng Gawain ng Sambahayan ng Diyos Alinsunod sa mga Hinihingi Nito, Magbigay ng Patnubay, Pangangasiwa, at Panghihikayat, at Mag-inspeksiyon at Magsubaybay sa Estado ng Pagpapatupad sa mga Ito (Unang Bahagi)

Ang Depinisyon at mga Partikular na Aytem ng mga Pagsasaayos ng Gawain

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Tumpak na ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang iba't ibang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos alinsunod sa mga hinihingi nito, magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad sa mga ito." Kung titingnan ang responsabilidad na ito sa kabuuan, ano ang kailangang ipatupad ng mga lider at manggagawa? (Ang iba't ibang pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos.) Ang pokus ng responsabilidad na ito ay kung paano ipatupad ang iba't ibang pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos—ito ang pinakamahalagang gawain para sa mga lider at manggagawa. Anuman ang antas ng isang lider o manggagawa, bilang lider o manggagawa, palagi siyang makakatagpo ng mga pagsasaayos ng gawain, pati na ng partikular na gawain ng pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain. Ang pagpapatupad ng iba't ibang pagsasaayos ng gawain ay nauugnay sa gawain ng bawat lider at manggagawa, at ito ay isang napakahalaga, napakapartikular, at napakabatayang gawain. Kung isasaalang-alang ang puntong ito, hindi ba't kinakailangang partikular na magbahaginan muna tungkol sa kung ano ang mga pagsasaayos ng gawain? (Oo.) Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng mga pagsasaayos ng gawain? Ano ang saklaw at depinisyon ng mga pagsasaayos ng gawain? Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ba't ang saklaw ng mga pagsasaayos ng gawain ay naglalaman lang ng ilang partikular na gampanin at nilalaman na may kaugnayan sa gawain ng iglesia? At hindi ba't ang mga pagsasaayos ng gawain ay pagsasaayos at pamamahagi lang ng mga gampanin at nilalamang ito?" Ano ang tingin ninyo sa paliwanag na ito? Hindi ba't puro salita at doktrina lang ito? (Oo, ganoon nga.) At ano ang ibig sabihin ng "mga salita at doktrina"? Ibig sabihin nito, bagama't tila walang maling salita sa paliwanag na ito, pagkatapos mong marinig ito, hindi mo pa rin ito nauunawaan; katulad lang ito na para bang hindi man lang ito naipaliwanag. Magbigay muna tayo ng depinisyon sa mga pagsasaayos ng gawain batay sa isang nakasulat na paglalarawan, upang magkaroon ang mga tao ng pangunahing konsepto nito, para maunawaan at malaman kung ano nga ba talaga ang ibig sabihin ng mga pagsasaayos ng gawain. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay ang mga partikular na plano at hinihingi na ginawa ng sambahayan ng Diyos para sa isang partikular na aytem ng gawain; kailangang ipagbigay-alam at ipatupad ng mga lider at manggagawa ang mga ito, at ang mga ito rin ang mga hinihingi, gampanin, at

pamamaraang iniatas sa lahat ng miyembro ng iglesia para sa isang partikular na aytem ng gawain—ito ang depinisyon ng mga pagsasaayos ng gawain. At anong mga aytem ang saklaw ng mga pagsasaayos ng gawain? Alam ng lahat ang pangngalang ito na “mga aytem,” pero hindi ba’t dapat may partikular na nilalaman na nakapaloob sa saklaw ng mga aytem na ito? (Oo.) Anong nilalaman ang alam ninyo? (Mayroong gawain ng ebanghelyo, at mayroon ding gawain ng paggawa ng pelikula.) Dalawang aytem iyon. (Mayroon ding ilang hinihinging kaugnay sa buhay iglesia at sa pagtatatag ng mga administratibong organisasyon ng iglesia.) Ano pang ibang gawain ang mayroon? (Mayroong gawain ng pag-aalis mula sa iglesia, pati na ang partikular na gawaing nauugnay sa mga sistema ng pamamahala ng iglesia.) Ang partikular na nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain ay ang mga sumusunod: unang aytem, ang gawaing administratibo ng iglesia. Ito ang pinakamalaking aytem ng gawain, at kung hindi nagawa nang maayos ang gawaing administratibo, wala talagang magiging gawain ng iglesia. Ikalawang aytem, gawain ng mga tauhan. Isa itong malaking aytem ng gawain. Ikatlong aytem, gawain ng ebanghelyo. Isa rin itong malaking aytem ng gawain. Ikaapat na aytem, iba’t ibang uri ng propesyonal na gawain. Medyo malawak ang saklaw ng gawaing ito, at kabilang dito ang paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, pagsasalin, musika, paggawa ng video, sining, at iba pa. Ikalimang aytem, buhay iglesia. Ikaanim na aytem, ang gawain ng pamamahala sa pag-aari. Ikapitong aytem, gawain ng pag-aalis. Ikawalong aytem, mga panlabas na usapin. Ikasiyam na aytem, kapakanan ng iglesia. Halimbawa, kung paano nilulutas ng iglesia ang mga suliraning lumilitaw sa mga tahanan ng mga kapatid, at kung ano ang ginagawa ng iglesia tungkol sa mga ito, pati na ang pagdalaw sa mga kapatid na nasa bilangguan at kung paano dapat alagaan ang kanilang mga pamilya, at iba pa—lahat ng ito ay kabilang sa kapakanan ng iglesia. Ikasampung aytem, mga plano sa panahon ng kagipitan. Minsan, mag-aatas ang iglesia ng mga partikular na hakbang para sa panahon ng kagipitan. Halimbawa, noong mangyari ang pandemya, gumamit ang iglesia ng kaukulang sistema ng pagbubukod-bukod sa mga tao. Ang mga planong gaya nito ay pawang kabilang sa gawain ng panahon ng kagipitan. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay pangunahing kinapapalooban ng sampung aytem na ito. Ang anumang iba pang maliit na aytem o espesyal na sitwasyon ay kasama na sa sampung aytem na ito—karaniwang nakapaloob sa gawain ng iglesia ang sampung pangunahing aytem na ito. Ang mga ito ang karaniwang saklaw ng iba’t ibang pagsasaayos ng gawain na iniaatas ng sambahayan ng Diyos, tama ba? (Tama.) Ngayong nakumpirma na ang mga aytem na ito, dapat ay nauunawaan na ninyong lahat ngayon nang kaunti ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at nalaman na ang mga ito ang pangunahing aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Ito ang saklaw ng mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos patungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang ipinapahiwatig nito ay na, bilang isang lider o manggagawa, ang saklaw ng gawain mo at ang mga responsabilidad na dapat mong tuparin ay hindi maaaring maihiwalay sa mga aytem na ito na kabilang sa

mga pagsasaayos ng gawain—lahat ng aytem na ito ay kinakailangan. Bukod sa mga aytem na ito ng gawain, ng mga bagay na handa mong gawin, gumawa ka nang kaunti ng anumang kaya mong gawin nang maayos, at walang karagdagang hinihingi ang sambahayan ng Diyos para sa paggampan mo ng iyong tungkulin. Kaya, habang ginagampanan mo ang iyong gawain, dapat nagninilay-nilay ka kung paano isakatuparan ang mga aytem ng gawaing ito, kung ano ang hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, kung anong partikular na gawain ang dapat mong gawin, kung paano ito ipatupad, kung naipapatupad ba ito nang maayos, kung kumusta ang kasalukuyang pag-usad, kung nasubaybayan mo ba ang gawain, kung mayroon bang anumang aytem ng gawain na hindi nagawa nang maayos o kung saan mayroong mga paglihis o kapintasan, at kung talaga bang gumagawa ng gawain ang lahat ng lumalahok sa aytem ng gawaing iyon—dapat palagi kang nagninilay-nilay tungkol sa mga bagay na ito. Ngayong nauunawaan mo na ang mga partikular na aytem ng gawaing kabilang sa mga pagsasaayos ng gawain, kinakailangan Ko bang magbigay ng simpleng paliwanag tungkol sa bawat isa sa mga aytem na ito? O marahil ay iniisip ninyo: “Napakaraming taon na naming nararanasan ang mga aytem ng gawaing ito at nauunawaan namin ang lahat ng ito; hindi na kailangang ipaliwanag muli ang mga ito—sa halip ay magbahaginan na lang tungkol sa isang mahalagang bagay. Hindi naman gaanong mahalaga ang paksang ito, hindi mahalaga kung alam namin ang tungkol dito o hindi, at ayaw naming marinig ang tungkol dito”? Kinakailangan pa bang higit na ipaliwanag ang paksang ito? (Oo.) Dahil kinakailangan, pag-usapan natin ito nang simple. Pipili Ako ng ilang aytem na medyo hindi pamilyar sa inyo, na hindi gaanong espisipiko, na medyo abstrak, at magbabahagi Ako tungkol sa mga ito.

I. Gawaing Administratibo

Magsimula tayo sa pagbabahaginan tungkol sa unang aytem, ang gawaing administratibo. Ang gawaing administratibo ay medyo abstrak at hindi sapat na kongkreto, at maraming tao ang hindi nakakaunawa rito. Sa partikular, ang mga nananampalataya sa Diyos sa maikling panahon pa lamang ay wala talagang alam tungkol sa pagbuo ng iglesia at sa gawaing administratibo nito, at hindi nila alam kung ano ang administrasyon. Ang administrasyong ito ay hindi pareho sa mga atas administratibo na inilabas ng Diyos. Ang gawaing administratibong ito ay pangunahing tumutukoy sa mga partikular na tuntunin ng sambahayan ng Diyos sa gawain ng pagtatatag ng mga iglesia. At ano ang nilalaman ng mga partikular na tuntuning ito? Nakapaloob sa mga ito kung paano nahahati-hati ang mga iglesia, kung ilang tao ang nasa bawat iglesia, kung paano pinapangalanan ang mga iglesia, at iba pa. Isinaad sa mga pagsasaayos ng gawain na dapat hatiin ang mga iglesia ayon sa natural na kapaligirang pangheograpiya ng mga ito, kung saan nakaklasipika bilang isang iglesia kapag may 30 hanggang 50 tao ang nakatira nang malapit sa isa’t isa. Halimbawa, sabihin nating ang lugar A ay binubuo ng tatlo o apat na nayon; kung ang mga nayong ito ay mayroong 50 mananampalataya,

maaari silang iklasipika bilang isang iglesia. Magkakaroon sila ng sariling oras at lugar para magdaos ng mga pagtitipon, magkakaroon sila ng mga lider at diyakono ng iglesia, pati na ng mga partikular na gawain ng iglesia, at lahat sila ay sama-samang pamamahalaan ng iglesiang ito. Ito ang tuntunin patungkol sa pagkakahati-hati ng mga iglesia at sa bilang ng mga miyembro sa iglesia. Kasabay nito, mapapasailalim ang iglesiang ito sa responsabilidad ng isang partikular na distrito, depende kung saan ito matatagpuan, at ang distritong iyon ang magiging responsable para sa lahat ng iba't ibang detalye ng gawain sa iglesiang iyon, gaya ng buhay iglesia roon, kung angkop ba ang mga lider at diyakono, ang pamamahagi ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, pagpapatupad sa iba't ibang pagsasaayos ng gawain, at pagbibigay-alam ng mga hinihingi ng Itaas, at iba pa. May mga partikular na pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos para sa mga bagay gaya ng bilang ng mga iglesia na bumubuo sa isang distrito, at bilang ng mga distrito na bumubuo sa isang rehiyon, pati na ng mga rehiyon na responsable para sa mga distrito, at mga distrito na responsable para sa mga iglesia, na mga administratibong yunit. Sa madaling salita, ito ang tinatawag na gawaing administratibo, at ito ay nasa saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kaya, ano ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa? Dapat nilang hatiin ang mga iglesia batay sa natural na kapaligirang pangheograpiya at lokasyon ng mga ito alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain. Kung patuloy na dumarami ang bilang ng mga tao sa isang iglesia sa paglipas ng panahon, dapat muling hatiin ang iglesia batay sa bilang ng mga tao at kapaligirang pangheograpiya. Halimbawa, kung lumago ang isang iglesia mula 50 hanggang 80 tao, dapat itong hatiin sa dalawang iglesia; kung ang dalawang iglesiang ito sa kabuuan ay lumago mula 80 hanggang 150 tao, dapat hatiin ang mga ito sa tatlong iglesia. Kung ang isang iglesia ay lumago sa 70, 80, o 100 tao at hindi pa rin nahahati sa dalawang iglesia, hindi ba't ipinapakita nito na hindi nauunawaan ng mga lider at manggagawa sa iglesiang ito ang gawaing administratibo ng sambahayan ng Diyos? (Ganoon nga.) Sa ganitong mga pagkakataon, dapat basahin ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain tungkol sa paksang ito—ang handbook ng iglesia tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain ay naglalaman ng mga partikular na tuntunin. Kung hahatiin ang isang iglesia sa dalawang bagong iglesia, kailangang maghalal ang bawat iglesia ng mga kinakailangang lider at manggagawa tulad ng mga lider ng iglesia, mga diyakono, at iba pa. Kaya, ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Dapat nilang malaman at maarok ang bilang ng mga tao sa iglesia at ang estado ng pagkakatatag nito. Ito ang gawaing administratibo ng iglesia, at ito ang pinakamalaking aytem ng gawain. Dapat mayroong isang iglesia saanman naroroon ang hinirang na mga tao ng Diyos, at kapag naitatag na ang isang iglesia, dapat umako ng pananagutan ang mga lider at manggagawa para sa bawat aspekto ng gawain ng iglesiang iyon, tulad ng pamamahagi ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, pamamahala sa mga miyembro ng iglesia, pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain upang malaman nila kung

ano ang nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain. Ang gawaing administratibo ay pangunahing kinapapalooban ng pagtatatag ng mga iglesia, gayundin ng pagtatatag ng mga administratibong organisasyon at mga tauhan ng mga iglesia—lahat ng ito ay partikular na mga gampanin sa loob ng gawaing administratibo. Sinong mga tao ang mas madalas na nahaharap sa ganitong aytem ng gawain? Ang mga iglesia ng bagong mananampalataya, mga pangkat ng ebanghelyo, pati na mga lider ng rehiyon, mga lider ng distrito, at mga lider ng iglesia sa mga lugar kung saan ipinapalaganap ang ebanghelyo, ay pawang mas madalas na nahaharap sa gawaing ito. Dagdag pa rito, kabilang din sa gawaing administratibo ang isang espesyal na trabaho, ang paghiwa-hiwalayin ang mga iglesia bilang mga iglesiang may tungkuling full-time, mga iglesiang may tungkuling part-time, mga ordinaryong iglesia, at mga grupong B, at ito ay isa pang trabaho na dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Dapat maarok ng mga lider at manggagawa kung paano paghiwa-hiwalayin ang mga iglesia, at ang prinsipyo ng paghihiwa-hiwalay ng mga iglesia ay ang paghahati-hati sa mga tao sa iba't ibang iglesia batay sa mga pagkakaiba sa mga tungkuling ginagawa nila, ang ihiwalay ang mga taong gumagawa ng tungkulin sa mga taong hindi, gayundin ang mga gumaganap ng tungkulin nang full time mula sa mga gumaganap ng tungkulin nang part time—ito ay isa pang espesyal at partikular na trabahong administratibo.

II. Gawain ng mga Tauhan

Ikalawang aytem, gawain ng mga tauhan. Ang aytem na ito ay tungkol sa paghahalal, pagtatalaga, at pagtatanggal ng mga lider at manggagawa sa iba't ibang antas. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay nagbibigay ng mga partikular na tuntunin sa mga sistema ng halalan, kung anong uri ng mga tao ang dapat ihalal bilang mga lider o manggagawa, at ang mga pamamaraan at partikular na hinihingi sa mga halalan. Mayroon ding mga partikular na espesyal na sitwasyon, halimbawa, ano ang dapat gawin kung kakakilala pa lang ng mga kapatid at hindi pa nila gaanong kilala ang isa't isa, at hindi sila makapili ng mga angkop na lider o manggagawa sa pamamagitan ng halalan? Sa ganoong kaso, ang mga tao ay maaaring iangat o italaga, sinusuri kung sino ang angkop na maging lider, at kinikilala sila nang mas mabuti, nakikipagbahaginan, at nagsasagawa ng mga simpleng pagsusuri, at pagkatapos ay puwede na silang italaga. Dagdag pa rito, kapag nagsasaayos ang Itaas ng isang malaking proyekto o nagtatalaga ng ilang tao bilang mga superbisor, isa itong espesyal na pagsasaayos ng gawain. Mayroon pang isang espesyal na sitwasyon, at iyon ay kapag may nagsusulat ng ulat sa Itaas, na naglalarawan kung paanong si ganito-at-ganyang lider ay hindi gumagawa ng tunay na gawain at tumatahak sa landas ng isang anticristo, at pagkatapos itong makumpirma, nag-aatas ang Itaas ng isang pagsasaayos ng gawain para tanggalin sa posisyon ang lider na naiulat. Ito ay isa pang pagsasaayos ng gawain na nauugnay sa gawain ng mga tauhan. Sa madaling salita, ang gawaing nauugnay sa mga tauhan ay kinapapalooban ng paghahalal, pagtatalaga, at pagtatanggal ng mga

lider at manggagawa sa iba't ibang antas sa iglesia. Ang aytem na ito ng gawain ay medyo simple, at madali itong maunawaan.

III. Gawain ng Ebanghelyo

Ikatlong aytem, gawain ng ebanghelyo. Ang gawain ng ebanghelyo ay ang unang malaking aytem ng partikular na propesyonal na gawain pagkatapos ng gawaing administratibo at gawain ng mga tauhan sa sambahayan ng Diyos. Gumawa ang sambahayan ng Diyos ng maraming sunod-sunod na mga pagsasaayos ng gawain para sa aytem na ito ng gawain, gumagawa ng mga partikular na pagsasaayos ng gawain tungkol sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, sa heograpikal na saklaw para sa pangangaral ng ebanghelyo, at sa mga paraan at sistema ng pangangaral sa ebanghelyo. Kasabay nito, ang sambahayan ng Diyos ay mayroon ding mga partikular na pahayag sa mga pagsasaayos ng gawain ukol sa lahat ng iba't ibang aklat ng mga salita ng Diyos, mga pelikula at video, at mga variety show na kinakailangan para sa pangangaral ng ebanghelyo, at maging mga pahayag tungkol sa iba't ibang uri ng mga karaniwang kuru-kuro at mga madalas na itinatanong ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo. Maaaring hindi partikular na ipinipresenta nang nakasulat ang ilang pahayag, pero marami sa mga ito ang nasa pasalita at pabigkas na pagbabahaginan. Palaging umuusad at nagpapatuloy ang gawain ng ebanghelyo, at habang umuusad ang gawaing ito, gumawa ang sambahayan ng Diyos ng mga partikular na pagsasaayos ng gawain at mga tuntunin patungkol sa mga isyung patuloy na lumilitaw at patuloy na nakakaharap, at naglabas din ang sambahayan ng Diyos ng mga partikular na hinihingi at gampanin para sa mga manggagawa ng ebanghelyo, mga diyakono ng ebanghelyo, at mga superbisor ng gawain ng ebanghelyo. Bagama't sa huling yugtong ito ay walang gaanong sinasabi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa mga pagsasaayos para sa gawain ng ebanghelyo, ang aspektong ito ng katotohanan ay napakadalas na pinagbabahaginan sa iglesia. Partikular na, nang magsimulang lumaganap ang ebanghelyo sa ibang bansa, gumawa ang sambahayan ng Diyos ng mga partikular na pagsasaayos ng gawain para sa gawain ng pagsasalin sa iba't ibang wika. Ang mga tagasalin at manggagawa ng ebanghelyo na pamilyar sa iba't ibang banyagang wika ay ibinibigay ang lahat ng makakaya nila para makipagtulungan sa ganitong uri ng gawain, at maraming nailaan ang sambahayan ng Diyos na ganitong mga uri ng yamang-tao para makipagtulungan sa gawain ng ebanghelyo, at naaayon ito sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa madaling salita, ang Itaas ay palaging personal na gumagabay, nagtatanong, sumusubaybay, at nangangasiwa sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kaya, ano ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa pagdating sa aytem na ito ng gawain? Ang pagkakaroon ng superbisor para sa gawain ng ebanghelyo ay hindi nangangahulugan na puwedeng hayaan na lamang ng mga lider at manggagawa ang gawain, na hindi ito pagtuunan ng pansin, na hindi mag-usisa tungkol dito, at balewalain lang ito, iniisip na,

“Hayaan na lang kung anuman ang kalalabasan ng gawain. Wala naman akong kinalaman diyan. Responsabilidad ko ang buhay iglesia at ang iba’t ibang uri ng propesyonal na gawain. Hindi ko na problema kung may mga problema sa gawain ng ebanghelyo.” Ayos lang ba ito? (Hindi.) Ito ay pagiging pabaya sa iyong responsabilidad. Ang pinakamahalagang aytem ng gawain na dapat pagtuunan ng pansin ng mga lider at manggagawa, sa lahat ng gawain ng sambahayan ng Diyos, ay ang gawain ng ebanghelyo. Maaaring hindi ka direktang ginawang responsable para sa aytem na ito ng gawain, pero kailangan mong mag-usisa tungkol sa kung gaano ito umuunlad at kung ano ang estado ng pag-usad nito—dapat mong subaybayan, alamin, at pangasiwaan ang mga bagay na ito. Lalo na pagdating sa ilang mahalagang tauhan, tulad ng mga tagapangaral ng ebanghelyo at mga tagadilig sa mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo, pati na ang mga superbisor ng gawain ng ebanghelyo, kailangan mong palaging maagap na pangasiwaan ang kanilang mga sitwasyon, at kung may lumitaw na mga problema sa mga tauhang ito, dapat mong malutas kaagad ang mga ito—hindi ka dapat maghugas-kamay sa gawaing ito matapos itong italaga sa iyo. Higit pa rito, kailangang regular mong inspeksiyonin at gabayan ang lahat ng tagapangaral ng ebanghelyo na sangkot sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, kabilang na ang mga nasa iglesia at ang mga unang hanay na tagapangaral ng ebanghelyo sa online, pati na ang mga tagadilig sa bawat pangkat. Matagal nang hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos na dapat sumailalim sa espesyal na pagsasanay ang lahat ng tagapangaral ng ebanghelyo at mga tagadilig. Ano ang ibig sabihin ng espesyal na pagsasanay? Ibig sabihin nito, dapat matiyak na mayroong malinaw na pagkaunawa ang mga tagapangaral ng ebanghelyo at mga tagadilig tungkol sa mga katotohanan ng mga pangitain at na kaya nilang ipaliwanag nang malinaw ang mga bagay na ito. Kung mayroong anumang aspekto ng mga katotohanan ng mga pangitain na hindi pa ganap na malinaw sa kanila, kailangang madalas na magbahaginan tungkol dito, at mas mabuti kung mas detalyado ang pagkaunawa ng mga tagapangaral ng ebanghelyo at ng mga tagadilig. Mayroong mga pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos para dito, tama ba? (Tama.) Ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ay isang partikular at komplikadong aytem ng gawain na may maraming magkakahiwalay na gampanin. Kailangang matiyak na ang bawat gampanin ay nagagawa nang maayos at mahigpit na nasusubaybayan; ito ang atas ng Diyos. Kailangang magawa nang maayos ang bawat gampanin, at kailangang matiyak na patuloy na bumubuti ang mga resulta ng bawat gampanin—ito lamang ang naaayon sa mga layunin ng Diyos. Ang lahat ng iba pang uri ng propesyonal na gawain, gaya ng paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, musika, sining, at pagsasalin, ay umiiral para suportahan at alalayan ang gawain ng ebanghelyo, at ang gawain ng ebanghelyo ay ang unang hanay na gawain sa lahat ng gawain. Samakatwid, ang mga gumagawa ng iba’t ibang tungkulin ay dapat gawin nang mabuti ang sarili nilang gawain at magkamit ng mga resultang hinihingi ng Diyos. Sa ganitong paraan, magkakaroon sila ng bahagi sa gawain ng pagpapalaganap ng

ebanghelyo. Ito ay dahil ang lahat ng ibang uri ng propesyonal na gawaing ito ay umiiral bilang panserbisyo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, at ang lahat ng gawaing ito ay dapat nakasentro sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo at nakapagbibigay ng walang-patid na panustos para dito. Sa kasalukuyan, lahat ng materyal, pelikula, at iba't ibang video na kailangan para sa pangangaral ng ebanghelyo ay pinagsikapang gawin ng marami sa mga hinirang ng Diyos habang nasa likod ng mga eksena. Lahat ng ginagawa ng mga taong ito sa likod ng mga eksena ay nagbibigay ng matinding suporta para sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Noon, ang sambahayan ng Diyos ay wala pang iba't ibang uri ng mga gawaing pelikula, wala pang maraming awitin, at wala ring masyadong maraming video ng patotoong batay sa karanasan. Umasa lang ito sa patuloy na pakikipagbahaginan ng mga manggagawa ng ebanghelyo. Ang mga manggagawa ng ebanghelyo ay nagsasalita hanggang sa mapagod ang kanilang mga bibig, nang walang nakikitang anumang makabuluhang resulta, at mahirap magkamit ng kahit isang tao. Matapos gumawa ang iglesia ng iba't ibang uri ng video, naging mas magaan ang gawain ng mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo, at mas madali kaysa dati, at mas bumuti ang kahusayan ng gawain. Ang ilang tao ay matigas ang ulo at konserbatibong mag-isip, at kapag ipinangaral mo sa kanila ang ebanghelyo, kahit gaano ka pa makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, hindi ito gumagana, at pinananatili nila ang kanilang mga kuru-kuro at tumatanggi silang tanggapin ito—ano ang gagawin mo kung gayon? Ipapanood mo sa kanila ang isa o dalawang pelikula ng patotoo sa ebanghelyo, at sasailalim sa pagbabago ang kanilang mga kuru-kuro, at magsisimula silang magkaroon ng magandang pakiramdam tungkol sa tunay na daan. Kapag muli silang naghanap, wala nang malalaking hadlang o balakid sa puso nila, at kapag muli kang nakipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, madali na nila itong matatanggap. Kaya naman, talagang maliwanag ang mga resulta kapag ipinapakita mo sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ang mga pelikulang ginawa ng sambahayan ng Diyos, o kapag binabasa mo sa kanila ang mga salita ng Diyos, o kapag ipinapakita mo sa kanila ang mga video ng patotoong batay sa karanasan—ang paggawa nito ay mas epektibo kaysa sa anumang dami ng salitang sasabihin mo sa kanila. Kahit sino pa ang naghahanap at nagsisiyasat sa tunay na daan, ipapanood mo muna sa kanila ang ilang pelikula, at pagkatapos ay ipabasa sa kanila ang marami pang salita ng Diyos, nang sa gayon ay maihanda ang daan para sa kanila. Pagkatapos nito, makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan para lutasin ang kanilang mga kuru-kuro. Sa ganitong paraan, mas magiging maayos ang takbo ng mga bagay-bagay. Sa panahon ngayon, ang mga nagsisiyasat sa tunay na daan ay nakapanood na sa internet ng maraming pelikula at video ng patotoo na gawa ng sambahayan ng Diyos, at partikular na ay nakabasa na sila ng maraming salita ng Diyos; bago pa man sila magsimulang maghanap at magsiyasat, mayroon na silang magandang pakiramdam tungkol sa tunay na daan, at halos kinilala na nila na ito ang tunay na daan. Mayroon ba kayong anumang natuklasan dito? Ang mga pelikulang ito,

mga video ng pagbasa ng mga salita ng Diyos, mga video ng patotoong batay sa karanasan, mga video ng himno, at ang iba pang ginagawa ng sambahayan ng Diyos ay napaka-epektibo sa pagpapatotoo sa Diyos! Hindi kailangang mag-aksaya ng laway sa pakikipagbahaginan at pakikipagdebate sa mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo; sa sandaling mapanood nila ang mga video na ito, magagawa nilang tanggapin ang tunay na daan. Dahil dito, napakalaki ng natitipid na oras ng mga nangangaral ng ebanghelyo, at ipinapakita nito kung gaano kamakapangyarihan ang lahat ng alternatibong suporta para sa pangangaral ng ebanghelyo! Napakasagana ng iba't ibang uri ng mapagkukunan para sa pangangaral ng ebanghelyo! Maraming potensyal na tatanggap ng ebanghelyo ang namamangha kapag nagsisiyasat sila sa gawain ng Diyos online, dahil napakaraming makikita sa website ng sambahayan ng Diyos at napakarami ng nilalaman nito! Masagana ang mga salita ng Diyos, napakaraming klase ng pelikula at video, at napakarami rin ng mga patotoong batay sa karanasan at mayroon ng lahat ng kakailanganin mo. Tunay na ito ang resulta ng gawain at patnubay ng Banal na Espiritu! Lahat ng ito ay talagang nagmumula sa gawain ng Diyos. Gaano man nagpapakalat ng mga tsismis na walang batayan ang malaking pulang dragon at ang mundo ng relihiyon at gaano man dungisan ng mga ito ang gawain ng Diyos, walang epekto ang lahat ng ito. Ano't anuman, ang mga resultang natamo, at ang mga bungang naani, ng lahat ng aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay malinaw na nakikita ng lahat, at ang mga ito ay mga katunayang naisakatuparan ng mga salita ng Diyos.

Sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian, ang lahat ng aytem sa gawain ng sambahayan ng Diyos ay inoorganisa sa napakasistematikong paraan at umuusad sa maayos na paraan. Ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ay isang napakahalaga, pangmatagalan, at napakahirap na aytem ng gawain. Samakatwid, ang mga gumagawa sa gawain ng ebanghelyo, mga superbisor man sila o mga ordinaryong manggagawa ng ebanghelyo, ay dapat makumpirma ang kahalagahan ng gawaing ito sa kanilang mga puso. Bagama't nasa unang hanay mismo kayo gumagawa ng gawain ng ebanghelyo at gumagawa ng inyong mga tungkulin, sa inyong likuran naman, ibig sabihin, sa likod ng mga eksena, maraming kapatid ang gumagawa ng iba't ibang uri ng pansuportang gawain, at sila ang puwersang umaalalay sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Nakasentro ang lahat ng gawain ng sambahayan ng Diyos sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, at ang mga tungkuling ginagampanan ng lahat ng hinirang ng Diyos ay nagseserbisyo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Bawat kapatid na gumagawa ng tungkulin ay may bahagi sa gawain ng ebanghelyo, at ang bawat aytem ng gawain ay may malapit at malalim na kaugnayan sa gawain ng ebanghelyo. Sa madaling salita, bawat aytem ng gawain, kabilang na mismo ang gawain ng ebanghelyo, ay isang tungkulin na dapat magawa nang maayos para magpatotoo tungkol sa gawain ng Diyos, ang anumang aytem ng gawain ay may malapit na kaugnayan sa pinakamahalagang gawain, at iyon

ay ang pagpapatotoo tungkol sa Diyos. Ito ay ganap na tumpak. Samakatwid, inilalagay ng sambahayan ng Diyos ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo sa unahan ng listahan ng lahat ng aytem ng gawain, at ito ang numero uno sa lahat ng iba't ibang aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos—ito ay ganap na naaangkop. Ito ay isang malaki, mahirap, at pangmatagalang aytem ng gawain, at ang bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos, bawat isang taong sumusunod sa Diyos, ay kailangang mayroong tibay, pasensiya, at sapat na pananalig para maghanda na gawin nang maayos ang gawaing ito, at lumaban sa mahabang labanang ito. Magpursige man kayo sa loob ng 10 taon, 20 taon, o 30 taon, kailangang palagi kayong maging tapat sa Diyos, ialay ang buhay at buong panahon ng buhay ninyo sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, at maging tapat sa Diyos hanggang sa huli. Isa itong mahalagang responsabilidad na obligadong pasanin ng bawat taong sumusunod sa Diyos, tungkulin ito ng lahat ng tao, at ito rin ang atas na ipinagkakatiwala ng Diyos sa lahat.

Sa pamamagitan ng pagbabahagi Kong ito, nagkaroon ba kayong lahat ng kasigasigan sa puso ninyo, at sinimulan na ba ninyong ituring na mahalaga ang gawain ng ebanghelyo? Sinabi ng ilang tao noon, "Wala akong anumang nauunawaang teknikal na propesyon, hindi ako marunong umarte at hindi ako puwedeng maging artista, wala akong matibay na pundasyon pagdating sa paggamit ng mga salita, kaya hindi ako marunong magsulat ng mga artikulo, hindi ako nakakaunawa ng musika at lalong wala akong alam sa sining. Ito ay dahil hindi ako mahusay sa anumang bagay kaya ako itinalaga sa isang pangkat ng ebanghelyo. Hindi ba't ang mga pangkat ng ebanghelyo ang katumbas ng napabayaang sulok sa likod ng sambahayan ng Diyos? At dahil napunta ako sa napabayaang sulok, may pag-asa pa ba akong matamo ang kaligtasan?" Ganito ba ang kaso? Kung ganoon talaga ang pagkaunawa mo sa sitwasyong ito, nagkamali ka ng pag-unawa sa Diyos: Ang pangangaral ng ebanghelyo ay ang tungkuling obligasyon ng bawat tao. Kung hindi ka mahusay sa anumang bagay at wala kang anumang nauunawaang teknikal na propesyon, at ang kaya mo lang gawin ay mangaral ng ebanghelyo, ikaw ay isasaayos na gumawa ng iyong tungkulin sa isang pangkat ng ebanghelyo. Ito na ang huling pagkakataon mo, at ito ay ginagawa upang matiyak na hindi ka masasayang, at magagamit ka hangga't maaari, upang magampanan mo ang iyong papel bilang tao sa abot ng makakaya. Hindi ka mahusay sa anumang bagay at mabagal ang isip mo sa lahat ng ginagawa mo, pero kaya mong gawin nang maayos ang tungkulin ng pangangaral sa ebanghelyo, at kahit pa utusan kang maghanap ng mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, kaya mo itong gawin nang praktikal, at ipasa ang mga natagpuan mong potensyal na tatanggap ng ebanghelyo sa mga tagapangaral ng ebanghelyo. Kasabay nito, maaari kang unti-unting matuto kung paano ipangaral ang mga salita ng Diyos, ang gawain ng Diyos, at ang mga layunin ng Diyos, at dalhin ang mga tao sa harapan ng Diyos. Hindi ba't ito ang tungkulin mo? Ang ibang tao ay nagkakaroon ng mga resulta sa pamamagitan ng pakikilahok sa gawaing nakabatay sa teksto, gawain ng paggawa ng pelikula, at iba pang uri ng gawain, pero

hindi ka marunong gumawa ng mga bagay na ito, at wala kang mga espesyal na talento o kaloob, subalit iniaalay mo ang iyong lakas sa gawain ng ebanghelyo, ibinibigay mo ang lahat ng iyong makakaya at tinutupad ang iyong tungkulin, at pinapasan mo ang atas na ibinigay ng Diyos sa iyo, hindi ba't mabubuting gawa ang mga ito? Ang mga ito ay mabubuting gawa rin, at tatandaan ng Diyos ang mga ito. Natutupad nito ang mga salitang ito: Hindi pinag-iiba sa pagiging marangal o mas mababa ang mga tungkuling ginagawa ng mga tao; ang mahalaga lang ay kung tapat ka sa iyong tungkulin at kung ginagawa mo ito sa paraang pasok sa pamantayan. Tinatrato ng Diyos nang patas at pantay ang lahat ng tao; dahil wala kang kayang gawin, hiniling sa iyo na ipangaral ang ebanghelyo—ginawa ito para bigyan ka ng pagkakataong gampanan ang huling posibleng papel mo, sa mga sitwasyong hindi mo magawang umako ng anumang ibang tungkulin. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ka ng isang pagkakataon at kaunting pag-asa; hindi ka pinagkakaitan ng karapatang gawin ang iyong tungkulin. Mayroon pa ring atas ang Diyos para sa iyo, at wala Siyang pagkiling laban sa iyo. Samakatwid, ang mga itinalaga sa mga pangkat ng ebanghelyo ay hindi ipinapadala sa isang napabayaang sulok, ni inaabandona, sa halip, ginagawa nila ang kanilang tungkulin sa ibang lugar. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain para sa gawain ng ebanghelyo, ngayon ba ay mas pinahahalagahan na ninyo ang gawain ng ebanghelyo at wala na kayong mga maling pagkaunawa tungkol dito? (Oo.) Kung gayon, magiging mapagmalaki ba kayo tungkol dito? Anuman ang tungkuling ginagawa ng mga tao, hindi nagbabago ang mga hinihingi ng Diyos sa kanila: Nais ng Diyos ang kanilang katapatan at sinseridad. Kung sasabihin mo, "Mananatili lang akong tahimik, hindi ako magmamalaki, gagawin ko lang ang ipinapagawa ng Diyos sa akin," pero wala kang katapatan, walang sinseridad, hindi iyon sapat. Paano mo man naaarok ang gawain ng ebanghelyo, sa anumang kaso, kung nagtataglay ka ng katapatan at sinseridad, magiging pasok sa pamantayan ang paggampan mo ng iyong tungkulin. Kahit gaano pa kaayos ang pagtrato mo sa tungkulin ng pangangaral sa ebanghelyo o gaano man kapositibo ang saloobin mo rito, kung hindi mo kayang magtiis ng paghihirap, at wala kang tibay at wala kang katapatan, hindi rin sapat iyon. Kung kaya, hindi mahalaga kung saan ka inilagay, kung anong oras o lugar ka naroroon, kung sinong mga tao ang nakakasalamuha mo, at kung anong tungkulin ang ginagawa mo. Palagi kang nakikita ng Diyos at sinisiyasat ang kaibuturan ng puso mo. Huwag mong isipin na dahil miyembro ka ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo ay hindi ka na binibigyang-pansin ng Diyos o na hindi ka Niya nakikita, at kaya puwede mong gawin ang anumang gusto mo. At huwag mong isipin na kung itinalaga ka sa isang pangkat ng ebanghelyo, wala ka nang pag-asa na maligtas, at pagkatapos ay negatibo mo itong haharapin. Ang ganitong mga paraan ng pag-iisip ay parehong mali. Saan ka man inilagay o anuman ang tungkuling isinaayos para gawin mo, iyon ang dapat mong gawin, at dapat mo itong gawin nang masigasig at nang may pananagutan. Hindi nagbabago ang mga hinihingi ng Diyos sa iyo, at kaya, hindi rin dapat magbago ang pagpapasakop mo sa mga

pagsasaayos ng Diyos. Ang katayuan ng mga manggagawa ng ebanghelyo ay katulad ng sa mga taong gumagawa ng iba pang mga tungkulin; ang halaga ng isang tao ay hindi nasusukat sa tungkuling ginagawa niya, kundi sa kung hinahangad ba niya ang katotohanan at nagtataglay ba siya ng katotohanang realidad. Ito na ang lahat ng ibabahagi Ko tungkol sa gawain ng ebanghelyo, itong malaki at partikular na aytem ng gawain.

IV. Iba't Ibang Uri ng Propesyonal na Gawain

Ikaapat na aytem, iba't ibang uri ng propesyonal na gawain. Kabilang dito ang paggawa ng pelikula, gawaing nakabatay sa teksto, musika, sining, pagsasalin, at iba pa. Sinasabi ng ilang tao, "Kaming mga gumagawa ng mga costume ay kasali rin sa gawain ng paggawa ng pelikula. Maituturing bang isang uri ng gawain ang paggawa ng mga costume?" Ang paggawa ng mga costume ay kabilang sa mga uri ng gawain ng paggawa ng pelikula at musika; isa itong uri ng pansuportang gawain na kaakibat ng ganitong mga uri ng gawain. Sa bawat yugto, may partikular na mga pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos hinggil sa mga partikular na hinihingi para sa ganitong mga uri ng propesyonal na gawain. Ang ilan ay ipinagbibigay-alam nang nakasulat, at ang iba naman ay ipinagbibigay-alam nang pasalita sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa mga pagtitipon. Paano man ipinagbibigay-alam ang mga ito, dapat pasanin ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad para sa mga ito, itala ang mga partikular na hinihingi na iniatas ng sambahayan ng Diyos para sa aytem na ito ng gawain at ayusin ang mga talang ito, at pagkatapos ay magbigay ng kongkretong pakikipagbahaginan tungkol sa mga ito at makibahagi sa tiyak na pagpapatupad ng mga ito. Isa rin itong malaking aytem ng gawain, at ito ang ikalawang partikular na aytem ng gawain pagkatapos ng gawain ng ebanghelyo. Pagdating sa partikular na aytem na ito ng gawain, hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa lahat ng tauhang nasa iba't ibang propesyon na patuloy na mag-aral ng propesyonal na kaalamang may kinalaman sa kanilang mga tungkulin, at magsaliksik din ng impormasyon para matiyak kung anong mga bagay ang kapaki-pakinabang para sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Kasabay nito, patuloy na nagbabahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa mga katotohanang prinsipyo at nagbibigay ng mga kongkretong plano para sa iba't ibang uri ng propesyonal na gawain. Minsan, ang ganitong mga uri ng gawain ay sabay-sabay na pinagbabahaginan sa mga superbisor at mga miyembro ng pangkat, at minsan naman, pinagbabahaginan ang mga ito para lamang sa mga lider, manggagawa, at superbisor na responsable sa naturang partikular na aytem ng gawain. Ipinagbibigay-alam at pinagbabahaginan man ang mga ito nang nakasulat o sa pamamagitan ng mga pagtitipon, sa anumang kaso, patuloy na pinaghuhusay at ginagawang alinsunod sa pamantayan ang ganitong mga uri ng gawain, at ang mga partikular na pagsasaayos ay palaging ginagawa ayon sa mga pangangailangan ng gawain ng ebanghelyo. Halimbawa, sabihin nating gumagawa ang sambahayan ng Diyos ng isang pelikula na medyo bago ang tema, at talagang propesyonal na kinunan ang pelikula. Matapos

ma-upload ang pelikula online, nakakatanggap ito ng mataas na bilang ng mga nakapanood. Sa ganitong sitwasyon, gumagawa ng mga partikular na hinihingi ang sambahayan ng Diyos para sa ganitong klase ng gawain batay sa komento at mga pangangailangan ng gawain ng ebanghelyo. Sa madaling salita, ang aytem na ito ng gawain ay patuloy na ibinubuod at pinaghuhusay, at patuloy rin itong lumalago.

Para sa iba't ibang uri ng propesyonal na gawain, hinihingi ng mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos na higit na mag-aral ang mga tao, at maghanap ng mga guro at iba't ibang uri ng mga mapagkukunan at materyales sa pagtuturo na maaaring pag-aralan. Halimbawa, sa pagkanta: ang paghahanap ng isang guro upang magturo at magbigay ng pagsasanay sa pagkanta ay isa ring partikular na pagsasaayos ng gawain. Pagkatapos marinig ang pagsasaayos na ito, dapat maghanap ang mga lider at manggagawa ng isang guro na angkop sa gawaing ito nang naaayon sa mga hinihingi ng Itaas at paturuan sa kanya ang mga mang-aawit natin, sa pamamagitan ng pagtulong sa mga mang-aawit na mag-aral ng tamang kaalaman sa pag-awit at tamang paraan ng pagkanta, at siyempre, kailangang makahanap ng mga klasikong gawa na puwedeng pag-aralan. Dapat palaging pag-aralan ang propesyonal na kaalaman tungkol sa komposisyon ng musika at pagkanta ng koro, at palaging hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos sa mga tao na patuloy na mag-aral ng propesyonal na kaalamang may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin, at mag-aral kung paano gamitin ang ilang pinaunlad at praktikal na pamamaraan, at iba pa. Ang mga pagsasaayos at mga hinihinging ito ng gawain ay hindi lang isang beses na iniaatas at pagkatapos ay iyon na ang wakas ng usapin, sa halip, hinihingi sa mga lider at manggagawa na madalas na magbahaginan tungkol sa mga pagsasaayos na ito ng gawain, gabayan ang mga nasa propesyonal na gawain, binibigyang-daan na patuloy silang mag-aral, at pinagsusumikapang umunlad at patuloy at epektibong humusay ang lahat ng uri ng propesyonal na gawain, at hindi manatiling walang pag-usad. Iniisip ng ilang tao, "Iniaatas sa atin ngayon ang mga pagsasaayos ng gawain, kaya kailangan lang nating isagawa ang mga ito ngayong buwan at tapos na ang usapin. Kung walang sasabihin ang Itaas tungkol dito sa hinaharap, marahil ay hindi na natin kailangang patuloy na isagawa ang mga ito." Ito ba talaga ang kaso? (Hindi.) Hinding-hindi dapat mag-isip nang ganito ang mga lider at manggagawa, kundi kailangan nilang patuloy na mag-usisa paminsan-minsan at magtanong, "Kumusta na ang pag-aaral ninyo sa propesyong ito? Mayroon ba kayong anumang suliranin? Mayroon bang anumang taliwas o labag sa mga prinsipyo? Sino ang pinakamahusay sa kanyang pag-aaral, sino ang pinakadalubhasa, at sino ang pinakamabilis na natuto? Matapos pag-aralan ang mga teoryang ito, alin sa mga natutunan ninyo ang sa tingin ninyo ay angkop gamitin para sa gawain ng sambahayan ng Diyos?" Bukod pa rito, dapat tanungin ng mga lider at manggagawa ang mga taong nasa mga pangkat ng ebanghelyo na nag-aaral ng mga banyagang wika, "Ilang taon ka nang nag-aaral ng banyagang wikang ito? Kumusta na ang pag-aaral mo kamakailan? Ilang pang-araw-araw na usapan ang maaari mong

gawin? Kaya mo bang magsalin ng mga karaniwang espirituwal na termino? Kaya mo bang gamitin ang banyagang wikang ito para ipaalam ang mga katotohanang ito na may kaugnayan sa pagpapalaganap ng ebanghelyo? Sa kasalukuyan, mas magaling ka ba sa pagsasalita o sa pagsusulat? Kailangan mo ba ng guro para matulungan kang mag-aral? Mayroon pa bang iba na mas angkop at mas sanay sa pag-aaral ng mga banyagang wika? Dumami ba ang ganitong mga uri ng tauhan? Nararamdaman ba ng sinuman na masyadong nakakaabala at mahirap ang pag-aaral ng wika, kaya ayaw na niyang mag-aral nito, at humihinto siya sa kalagitnaan, at gusto na niyang lumipat sa ibang tungkulin?" Ang mga partikular na usaping ito na may kaugnayan sa ganitong uri ng gawain ay kailangang usisain at pangasiwaan paminsan-minsan. Dahil gumawa ang Itaas ng mga partikular na pagsasaayos ng gawain, dapat maging responsable ang mga superbisor para sa mga partikular na gampaning ito hanggang sa pinakawakas. Huwag pasibong maghintay na mag-usisa ang Itaas; kung hindi mag-uusisa ang Itaas sa loob ng anim na buwan o isang taon, dapat mo pa ring gawin nang maayos ang lahat ng gawain, sa abot ng iyong makakaya, at maging handang tanggapin ang inspeksiyon at gabay ng Itaas sa lahat ng oras—ito ang tamang mentalidad. Ito ay dahil naiatas at naipagbigay-alam na ang mga pagsasaayos ng gawain, at responsabilidad mo ang pagsubaybay sa gawain bilang ang superbisor nito, kaya dapat mong tuparin ang iyong mga responsabilidad. Gayumpaman, kung hindi mo matupad ang iyong mga responsabilidad, wala kang kuwenta, at dapat kang tanggalin at itiwalag. Kaya, ang mga lider at manggagawa ay dapat madalas magnilay-nilay at magbahagi tungkol sa mga partikular na pagsasaayos na ito ng gawain o mga pagbabahaginan mula sa ang Itaas, at pagkatapos ay ipatupad ang mga ito at subaybayan ang gawain ayon sa sitwasyon. Dapat nilang tingnan kung anong uri ng mga gawain ang nakaligtaan nila kamakailan, at hindi nasuri sa loob ng matagal na panahon, at kung aling mga gawain ang hindi nila masyadong kabisado at hindi nila nakumusta kamakailan, at kung kaninong estado ang hindi nila alam bilang resulta ng mga bagay na ito, at pagkatapos ay suriin ang mga ito. Higit pa rito, pagdating sa iba't ibang uri ng propesyonal na gawain, mayroon pang isang partikular na pagsasaayos ang sambahayan ng Diyos: Hinihingi nito na patuloy na tuklasin, linangin, at iangat ang mga kaukulang indibidwal na may talento. Kaya, ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa kapag natanggap nila ang pagsasaayos na ito ng gawain? Dapat nilang bigyang-pansin kung mayroon bang sinuman na angkop sa ganitong uri ng gawain. Kung angkop ang ilang tao sa ganitong uri ng gawain pero hindi sila gaanong bihasa sa teknikal na propesyon, kailangan silang agad na malinang at maisaayos na mag-aral at magsanay rito. Sa madaling salita, mahalagang aytem din ng gawain ang iba't ibang uri ng propesyonal na gawain. Napakaraming aytem ang kabilang sa gawaing ito, at malawak din ang saklaw nito, at maraming partikular na pagsasaayos ng gawain ang ginawa ng sambahayan ng Diyos para dito. Ang hinihingi para sa aytem na ito ng gawain ay ang palagiang pag-aaral, pagbubuod, at pagpapahusay, at kailangan ding makahanap ng mga angkop na prinsipyo para

isakatuparan ang tuloy-tuloy na pag-abot sa pamantayan. Bukod dito, dapat patuloy na linangin ang mga taong may talento na angkop sa paggawa ng mga tungkuling ito. Ito ang pagsasaayos ng gawain para sa malaking aytem na ito ng iba't ibang uri ng propesyonal na gawain, at madali rin itong maunawaan.

V. Buhay Iglesia

Ikalimang aytem, buhay iglesia. Gumawa ang sambahayan ng Diyos ng mga partikular na pagsasaayos at mga tuntunin patungkol sa nilalaman na kinakain at iniinom sa buhay iglesia, patungkol sa pagkakaayos ng buhay iglesia, at sa bilang ng mga taong namumuhay ng buhay iglesia. Mayroon ding mga kaukulang pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos patungkol sa pagkakaayos ng mga pagtitipon at sa nilalaman ng buhay iglesia sa ilalim ng mga espesyal na pangyayari at sitwasyon. Kadalasang iniaatas nang nakasulat ang ganitong mga uri ng pagsasaayos ng gawain. Ang mga pagsasaayos ng gawain para sa buhay iglesia ng mga baguhan sa iba't ibang bansa—ang pagkakaayos at dalas ng kanilang mga pagtitipon, at ang nilalaman na kanilang kinakain at iniinom sa mga pagtitipon, at iba pa—ay halos pareho sa mga pagsasaayos ng gawain para sa buhay iglesia ng mga lahing Tsino, maliban sa ilang espesyal na sitwasyon. Kabibigay Ko lang sa inyo ng pangkalahatang ideya ng saklaw ng mga pagsasaayos ng gawain na kaugnay sa buhay iglesia—kabilang dito kapwa ang nilalaman ng mga salita ng Diyos na kinakain at iniinom at ang nilalaman sa pagbabahaginan tungkol sa katotohanan sa mga pagtitipon para sa kamakailang panahon, at pati na ang pagkakaayos ng pagbabahaginan sa mga pagtitipon. Halimbawa, ang isang tao ay hindi pinahihintulutang mangibabaw sa pagbabahaginan sa mga pagtitipon, ang limitasyon sa haba ng oras na maaaring makipagbahaginan ang bawat tao, kung paano tratuhin at pangasiwaan ang mga tao na masyadong mahaba magsalita at hindi malinaw na nagpapahayag ng kanilang sarili, at iba pa—may mga partikular na pahayag tungkol sa mga partikular na bagay na ito na nauugnay sa buhay iglesia at sa mga pagtitipon sa mga pagsasaayos ng gawain. Sa isang banda, ang mga lider at manggagawa ay responsable sa pag-aatas at pagbibigay-alam ng mga pagsasaayos na ito ng gawain, at sa kabilang banda, sila ay responsable sa pakikipagbahaginan tungkol sa mga ito nang malinaw sa mga kapatid, binibigyang-daan ang lahat ng miyembro ng iglesia na maunawaan at matanggap ang mga pagsasaayos ng gawain, at pagkatapos nito, kailangan na lamang nilang mahigpit na isagawa at sundin ang mga ito. Lalo na, iyong mga madalas na lumilihis sa paksa, nagsasanhi ng mga pagkagambala, nagsasabi ng mga salita at doktrina, at sumisigaw ng mga islogan kapag nagsasalita sa mga pagtitipon ay dapat paghigpitan, at mayroong mga partikular na tuntunin patungkol sa ganitong mga uri ng mga espesyal na pangyayari sa mga pagsasaayos ng gawain. Ang mga pagsasaayos ng gawain patungkol sa buhay iglesia ay pangunahing nauugnay sa lahat ng iba't ibang bagay na may kinalaman sa mga pagtitipon, hindi komplikado ang mga ito, kundi napakasimple, at anuman ang tungkuling ginagawa ng isang tao, kailangan

lang niyang sundin ang mga prinsipyo ng mga pagsasaayos na ito ng gawain. Halimbawa, sa mga pagtitipon, kailangan lang sundin ng mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo ang mga prinsipyo sa mga pagsasaayos ng gawain patungkol sa buhay iglesia—walang espesyal sa mga ito. Ang ibang mga pangkat ay gumagampan lang ng iba't ibang gawain mula sa ibang mga tao, pare-pareho ang lahat pagdating sa mga bagay tulad ng mga pagtitipon, pagbabahaginan sa katotohanan, pagdarasal-pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at pagbabahaginan tungkol sa mga personal na karanasan—hindi lumalagpas sa saklaw na ito. Kailangan lamang nilang magsagawa ayon sa mga kasalukuyang tuntunin ng sambahayan ng Diyos patungkol sa nilalaman na kinakain at iniinom sa buhay iglesia, sa uri ng pagbabahaginan, at sa pagkakaayos ng mga pagtitipon. Kung mapapahintulutan ng mga kalagayan, puwedeng magtipon-tipon sa personal ang mga tao, kung hindi, puwede silang magdaos ng mga pagtitipon online. Dapat itong maging napakasimple at malinaw na naitakdang usapin. Ang ilang miyembro ng iglesia ay nakakalat sa iba't ibang kontinente at bansa, may ilan sa Europa at may ilan naman sa Gitnang Silangan; sa ganitong uri ng sitwasyon, kinakailangan ang mga online na pagtitipon. Ang mga lokal na iglesia na ang bahalang magpasya sa oras at dalas ng kanilang mga pagtitipon; hindi gumagawa ng mga partikular na tuntunin ang sambahayan ng Diyos patungkol sa usaping ito, ni hindi ito nakikialam dito. Bakit hindi nakikialam ang sambahayan ng Diyos sa usaping ito? Ang ilang tao sa iglesia ay hindi full time na gumagampan sa kanilang mga tungkulin; may mga trabaho at pamilya sila, magkakaiba ang kanilang mga indibidwal na sitwasyon, at saka, magkakaiba rin ang mga time zone ng iba't ibang bansa, kaya, dapat na sila ang pahintulutang magpasya kung ilang beses sa isang linggo sila magtitipon at kung anong oras gaganapin ang bawat pagtitipon. Walang mga partikular na tuntunin ang sambahayan ng Diyos tungkol dito, sa halip, nagbibigay lang ito ng prinsipyo. Nagbigay ng tuntunin ang sambahayan ng Diyos sa saklaw ng kung gaano kadalas magtitipon ang mga bagong mananampalataya kada linggo, at may kaibahan sa bilang ng mga pagtitipon sa pagitan ng mga gumagawa ng kanilang tungkulin at ng mga hindi gumagawa ng kanilang mga tungkulin. Mayroon bang pagsasaayos ng gawain na hinihingi sa mga bagong mananampalataya na magtipon nang pitong beses sa isang linggo? (Wala.) Kung gayon, ano ang batayan ng bilang ng mga pagtitipon ng mga bagong mananampalataya kada linggo? (Nakabatay ito sa oras ng mga bagong mananampalataya.) Ang pagtitipon nang dalawa o tatlong beses sa pinakamadalas sa isang linggo, at kahit isang beses man lang, ay ganap na naaangkop. Sinasabi ng ilang tao, "Wala talagang ginagawa ang mga tao sa lugar namin sa panahon ng matumal na pagsasaka, kaya gusto ng lahat na magtipon-tipon araw-araw—ayos lang din sa amin ang magtipon dalawang beses sa isang araw. Gusto talaga naming magtipon." Ang puso ng mga bagong mananampalataya ay puno ng kasigasigan, at palagi nilang gustong makaunawa ng higit na katotohanan. Kung paborable sa mga sitwasyon ng kanilang pamilya, mabuting bagay kung hihilingin nilang dumalo sa mas maraming pagtitipon, basta't hindi ito

nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang partikular na bilang ng pagtitipon ng mga tao kada linggo ay dapat pagpasyahan ayon sa mga sitwasyon ng pamilya at trabaho ng hinirang na mga tao ng Diyos sa bawat lugar—hindi gumagawa ng mga partikular na tuntunin ang sambahayan ng Diyos tungkol sa usaping ito. Iyong hinirang na mga tao ng Diyos na may mga kondisyon na gawin ito ay maaaring magtipon nang mas madalas, at makakaunawa sila ng mas maraming katotohanan at mas mabilis na lalago ang kanilang buhay. Mabuting bagay ito. Gayumpaman, iyong mga walang angkop na kondisyon ay hindi magiging akma na makipagtipon sa ganitong paraan, at ayos lang na dumalo sila sa kahit isa o dalawang pagtitipon kada linggo. Ang bilang ng pagtitipon ng mga iglesia sa iba't ibang lugar kada linggo ay nakasalalay sa pagpapasya ng hinirang na mga tao ng Diyos, at walang sinuman ang dapat makialam dito. Ang pinakamahalaga ay na idinaraos ang mga pagtitipon upang maunawaan ng mga tao ang katotohanan, at hindi para sa anumang ibang dahilan. Kaya naman, ang bilang ng idinaraos na mga pagtitipon ng bawat iglesia ay pinagpapasyahan ayon sa mga partikular na sitwasyon nito. Kung makakadalo ang hinirang na mga tao ng Diyos sa isa pang dagdag na pagtitipon kada linggo, mas makabubuti iyon para sa kanilang paglago sa buhay. Kung may mga tao na hindi naghahangad sa katotohanan at ayaw dumalo sa mas maraming pagtitipon, hindi ito dapat ipilit sa kanila. Lalo na para sa mga sinusuwelduhang empleyado na medyo mas abala at walang panahon na dumalo sa mas maraming pagtitipon, hindi dapat hingin sa kanila na gawin ito. May kakayahan mang dumalo sa mga pagtitipon ang mga tao o kung ilang beses man silang nagtitipon, ang sambahayan ng Diyos ay hindi nakikialam o nagpapataw ng anumang limitasyon. Ito ay dahil pawang magkakaiba ang mga sitwasyon at pinagmulan ng mga indibidwal na mananampalataya, at kaya, hindi sila dapat pilitin. Tungkol sa nilalaman na kinakain at iniinom sa buhay iglesia, ang sambahayan ng Diyos ay may mga kaukulang tuntunin sa mga pagsasaayos ng gawain nito, at kailangang malinaw ang pagkaunawa rito ng mga lider sa lahat ng antas sa iglesia at ng mga kapatid. Kailangang tumpak na maunawaan ng mga lider at manggagawa kung ano ang partikular na mga gampanin at usapin na dapat isakatuparan ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng Itaas, at kailangang bantayan din ng mga kapatid kung ginagampanan ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito. Pagdating sa nilalaman na kinakain at iniinom sa buhay iglesia, at sa mga pagsasaayos ng gawain na may kaugnayan sa mga pagtitipon na kailangang maunawaan at masunod, kailangang magkaroon ng kasunduan ang mga lider at manggagawa sa hinirang na mga tao ng Diyos—talagang hindi puwedeng mayroong pagkakaiba-iba. Ang mga pagsasaayos ng gawain patungkol sa buhay iglesia ay napakasimple, madaling maunawaan ng mga tao, at hindi malabo.

VI. Pamamahala sa Pag-aari

Ikaanim na aytem, pamamahala sa pag-aari. Bagama't ang gawain ng pamamahala sa pag-aari ay hindi madalas na naaatasan ng mga pagsasaayos ng gawain tulad ng sa

gawain ng ebanghelyo o sa iba't ibang uri ng propesyonal na gawain, mayroon pa ring mga partikular na pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos para dito. Ano ang saklaw ng pamamahala sa pag-aari? Saklaw nito ang kung paano iniingatan ang mga pag-aari, saan nakaimbak ang mga ito, sino ang namamahala sa mga ito, at kung paano inilalaan, pinamamahalaan, at inililipat ang mga ito kapag may lumilitaw na panganib o mga di-kanais-nais na kapaligiran, gayundin ang iba pang mga espesyal na sitwasyon. Sa katunayan, ang mga pagsasaayos ng gawain ay naglalaman ng mga tuntuning nauukol sa lahat ng bagay na ito, at pagdating sa aytem na ito ng gawain, hindi dapat hintayin ng mga lider at manggagawa na magbigay ng direktang utos at mag-atas ng mga pagsasaayos ng gawain ang Itaas bago pa nila pasibong simulang pamahalaan ang mga pag-aari. Kung walang madaliang mga pagsasaayos ng gawain na hinihingi sa iyo na pangasiwaan ang mga pag-aari sa isang partikular na paraan, at sa mga espesyal na sitwasyon kung kailan hindi mo alam kung paano pangasiwaan ang mga pag-aari at hindi ka agad nakatanggap ng mga tugon mula sa Itaas, ano ang dapat mong gawin? Seguridad ang numero unong prayoridad, at responsabilidad mo na pangalagaan ang mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos. Pagdating sa mga aklat ng mga salita ng Diyos na inilimbag ng sambahayan ng Diyos, kasama na ang iba't ibang uri ng makinarya, pagkain, pera, at iba pang mga pag-aari, dapat ilagay ng mga lider at manggagawa ang lahat ng ito sa mga ligtas na lugar alinsunod sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos, at huwag hayaang mabasa, amagin, o makain ng mga insekto ang mga ito, at lalong huwag hayaang masamsam ng masasamang tao o ng malaking pulang dragon ang mga ito. Dagdag pa rito, bukod sa maayos na pamamahala sa mga pag-aari na ito ng sambahayan ng Diyos, kailangan ding mahigpit na panatilihin ng mga lider at manggagawa ang pagiging kumpidensiyal ng mga ito; pare-parehong hindi dapat makaalam ang mga taong walang kinalaman sa mga bagay na ito tungkol sa mga ito, at ang mga nakakaalam ay dapat maging tikom ang bibig at hindi magsalita nang walang ingat. May mga partikular na pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos tungkol sa aytem na ito ng gawain, at hindi angkop na mag-atas o magsiwalat ng ilan sa mga ito sa pamamagitan ng pagsulat. Kung makakahanap ng mas mabubuting paraan o sistema ang mga lider at manggagawa para sa pamamahala sa pag-aari, siyempre, habang sinusunod ang prinsipyo ng maayos na pamamahala at pangangalaga sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos upang protektahan ang mga ito sa anumang kawalan, maaari nilang talakayin ang usapin kasama ang ibang mga lider at manggagawa at gumawa ng desisyon nang malaya. Isa itong espesyal na aytem ng gawain, at iyong mga hindi tikom ang bibig, iyong mga walang pagpapahalaga sa responsabilidad, iyong mga may di-wastong motibo, iyong mga baguhan pa lang sa pananampalataya at walang pundasyon sa kanilang pananalig, at iyong mga palaging nagkakainteres sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos nang may pag-iimbot, ay pare-parehong hindi dapat makaalam tungkol dito. Ang mga bagay na ito ay hindi puwedeng lantarang isaad sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, pero hindi ba't dapat alam ito

ng mga lider at manggagawa at ng mga mapagkakatiwalaang tagapangalaga? (Oo.) May espesyal na sitwasyon dito. Ipagpalagay nang ang isang bagong halal na lider ay tatlong taon pa lamang nananampalataya sa Diyos, mahusay ang kakayahan niya, napakamasigasig niya, at mukhang maayos naman siya sa panlabas, pero hindi batid kung ano ang karakter niya, kung ano ang pananaw niya sa mga pag-aari, o kung siya ba ay sakim o hindi. Ang mga bagay na ito ay hindi batid at hindi tiyak, at ang taong ito ay hindi kilalang mabuti ng mga kapatid na matagal nang nananampalataya sa Diyos, hindi nila lubusang kilala ang taong ito. Ano ang dapat gawin sa ganitong sitwasyon? Kapag dumating ang panahon na kailangang ilipat ang gawain sa taong ito, ang lahat ng iba pang gawain ay ipinapasa—dapat din bang ipasa ang gawain sa mga pag-aari sa taong ito? (Hindi.) Bakit hindi? Ang pangunahing gawain ng mga lider at manggagawa ay hindi lamang ang pamahalaan ang mga pag-aari; isang bahagi lang ng kanilang gawain ang mga pag-aari. Kung talagang may nababagay na tao na namamahala sa mga pag-aari at hindi maaasahan itong bagong halal na lider, ayos lang na huwag munang ipasa ang gawaing ito sa lider na ito sa ngayon, sapagkat hindi pa batid kung matagal ba siyang mananampalataya sa Diyos o kung kaya ba niyang manindigan. Noon, may isang taong kahahalal pa lang bilang lider ng iglesia, at pagkatapos akuin ang kanyang posisyon, ang una niyang ginawa ay hingin sa hinirang na mga tao ng Diyos ang mga numero ng bank account at ang mga password ng mga account kung saan iniimbak ang mga handog. Tinanong niya kung sino ang may hawak nitong mga numero at password ng bank account, at pinilit niya sila na agad na ipasa sa kanya ang gawaing ito. Sa ganitong sitwasyon, dapat bang ipasa sa kanya ang gawaing ito? Hindi siya nag-aalala o nababahala tungkol sa anumang ibang gawain, pero talagang seryoso at nag-aalala siya tungkol sa usaping ito—maaasahang tao ba siya? Huwag isipin na maaasahan ang isang tao dahil lang sa siya ay isang lider o manggagawa. Sa realidad, tanging ang mga tagapangalaga na talagang pinili ayon sa mga prinsipyo ang maaasahan—kaya nilang ialay ang kanilang buhay para pangalagaan ang mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos. Ang ganitong mga tao ang pinakamaaasahan. Kung gayon, lahat ba ng lider at manggagawa ay kayang gawin ito? Hindi palaging ganoon ang kaso. Noon, may isang lider ng rehiyon na nahuli ng malaking pulang dragon, at ipinagkanulo niya ang lahat ng pag-aari ng iglesia, kaya't napakarami ang nawala sa mga ito. Kung hindi niya sana nalaman ang kinaroroonan ng mga pag-aari ng iglesia, hindi niya sana ito naibunyag kahit pa patayin siya sa bugbog, at hindi ba't hindi sana magkakaroon ng mga kawalan sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos? Ito mismo ay dahil napakarami niyang nalalaman kaya niya isiniwalat ang lahat noong hindi na niya makayanan ang pagpapahirap at mga kahindik-hindik na pambubugbog, kaya napunta ang perang ito sa mga kamay ng malaking pulang dragon. Kung hindi siya pinahintulutang makaalam sa kinaroroonan ng mga pag-aaring ito, at kung ang nangangalaga sa mga ito ay isang maaasahang tao, magkakaroon ba ng mga kawalan sa pera ng sambahayan ng Diyos at sapilitan ba itong makukumpiska ng malaking pulang dragon? Hindi, hindi sana ito

nangyari. Isa itong mabigat na aral. Samakatwid, ang pinakamahalagang punto sa pagsasaayos ng gawaing ito ay na dapat iprayoridad ang seguridad, kinakailangang mapanatiling pinakamababa ang dami ng mga kawalan, at ang gawain ay dapat magawa sa anumang ligtas na paraan. Maghanap ng isang taong nagpapakita ng katapatan sa pamamahala ng mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos para mamahala sa mga ito—ito ang pinakamaaasahang hakbang. Bagama't wala nang ibang kayang gawin ang taong ito, siya ay magiging tapat at tiyak na may kakayahan pagdating sa pangangalaga sa pera, kaya tama lang na gamitin ang taong ito para mangalaga sa mga pag-aari. Dahil ang aytem na ito ng gawain ay nakatuon lang sa iisang gampanin, napakasimple ng mga pagsasaayos nito: Maghanap ng mga tamang tao na mangangalaga sa mga pag-aari at maghanap ng ligtas na lugar na mapag-iimbakan ng mga ito. Dagdag pa rito, mayroon ding mga partikular na tuntunin sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos patungkol sa paglalaan at paggastos sa mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos; puwedeng gastusin ang pera sa mga kinakailangang gastusin, pero hindi sa mga hindi kinakailangan. May isa pang bagay, mayroong isang mahigpit na sistema ng regulasyon para sa mga gastusing kaugnay sa mga pag-aari, at may mga partikular na tuntunin ang sambahayan ng Diyos para sa iba't ibang proseso at hakbangin, na nangangailangan ng mga lagda mula sa ilang indibidwal, at iba pa. Mayroong pamamahala, pangangalaga, paggastos, at pati accounting—may mga partikular na pagsasaayos ng gawain para sa lahat ng bagay na ito.

VII. Gawain ng Pag-aalis

Ikapitong aytem, gawain ng pag-aalis. Ang sambahayan ng Diyos ay patuloy rin na gumagawa ng mga partikular na pagsasaayos ng gawain para sa aytem na ito ng gawain. Sa isang banda, ginagawa ang mga pagsasaayos ng gawain batay sa mga pangangailangan ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at sa kabilang banda, ginagawa ang mga ito batay sa klasipikasyon at depinisyon ng iba't ibang uri ng mga tao, pati na sa pagbubukod ng bawat isang tao ayon sa sarili nilang uri batay sa kanilang mga pagpapamalas sa sandaling mabunyag sila. Ang sambahayan ng Diyos ay may mga prinsipyo sa pangangasiwa sa lahat ng uri ng mga anticristo, masasamang tao, at mga hindi mananampalataya; ang ilan ay inaalis mula sa hanay ng mga gumagampan ng kanilang mga tungkulin, ang ilan ay inaalis mula sa iglesiang may tungkuling full-time at ipinapadala sila sa mga iglesiang may tungkuling part-time o mga ordinaryong iglesia, ang ilan ay inaalis mula sa mga ordinaryong iglesia at ipinapadala sa mga grupong B, at may ilan na direktang pinapaalis o pinatatalsik. Paulit-ulit na gumagawa ng mga pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos para sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia, at mayroon din itong mga partikular na pagsasaayos ng gawain tungkol sa iba't ibang uri ng mga tao na nakakatugon sa mga kondisyon para paalisin. Batay sa mga saloobin ng mga tao sa paggawa ng kanilang mga tungkulin at sa mga pagsalangsang na nagawa nila habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, pati na

sa tiwaling diwa na nabubunyag sa iba't ibang uri ng tao, sa huli ay lumilikha ang sambahayan ng Diyos ng mga partikular na plano para sa pangangasiwa sa mga taong ito. Samakatwid, ang pangangasiwa ng sambahayan ng Diyos sa iba't ibang uri ng masasamang tao, mga hindi mananampalataya, at mga anticristo ay ginagawa nang ganap na naaayon sa mga salita ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo, at ito ay ginagawa nang ganap na naaayon sa mga layunin ng Diyos. Pagdating sa mga pagsasaayos na ito ng gawain, sa isang banda, kinakailangan na magbahaginan tungkol sa mga katotohanang prinsipyo upang maunawaan ng mga tao ang mga ito at matuto silang kumilatis ng iba't ibang uri ng tao, habang sa kabilang banda, kinakailangang iatas ang mga pagsasaayos na ito ng gawain sa mga iglesia upang mapagbahaginan at maipatupad ang mga ito. Sa anumang kaso, ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ay dapat ipatupad sa lalong madaling panahon, at hinding-hindi ito dapat maantala kailanman. Dapat itong magpatuloy hanggang sa wala nang natitirang masasamang tao sa iglesia. Hindi ito nangangahulugan na ang mga lider at manggagawa ay kailangan lang gumampan sa gawain ng pag-aalis sa loob ng ilang panahon sa sandaling mag-atas ang Itaas ng isang pagsasaayos ng gawain na nag-uutos na linisin ang iglesia, at kung matuklasang muli na may masasamang tao na nanggugulo pagkatapos ng pag-aalis na iyon, pero hindi gumawa ang Itaas ng anumang pagsasaayos ng gawain tungkol dito, kung gayon, hindi na kailangang mag-abala pa ang mga lider at manggagawa tungkol sa masasamang taong iyon o alisin ang mga iyon—sadyang hindi iyon maaari. Kailangang patuloy na isakatuparan ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia sa maayos na paraan; hangga't may mga taong kailangang paalisin o patalsikin, kung gayon, dapat magpatuloy ang gawain ng pag-aalis. Huwag pasibong maghintay na magbigay ng mga utos ang Itaas o na ipagbigay-alam sa inyo ng mga nakatataas na lider ang tungkol sa mga ito, at huwag ding pasibong maghintay na mas maraming kapatid ang mag-uulat sa isang tao. Sa sandaling ilantad at iulat ng hinirang na mga tao ng Diyos ang isang tao, dapat simulang siyasatin at pangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang kasong iyon. Kung itinatago ng mga lider at manggagawa ang liham ng ulat at hindi inaasikaso ang isyung ito, dapat silang imbestigahan at pangasiwaan, at kung mapag-alaman na ipinagtatanggol nila ang isang masamang tao, dapat silang paalisin sa iglesia kasama ang masamang taong iyon. Ang sinumang lider o manggagawa na hindi gumagampan sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ay isang huwad na lider o manggagawa at dapat tanggalin kaagad. Kung ipinagtatanggol at pinoprotektahan pa nila ang masasamang tao, maaari silang ilarawan bilang isang anticristo at paalisin at patalsikin mula sa iglesia. Ang mga ito ang mga partikular na tuntuning ginawa ng sambahayan ng Diyos patungkol sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia. Ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ay isang apurahang prayoridad at napakahalaga nito. Sabihin ninyo sa Akin, hindi ba't ginagawa ang pag-aalis mula sa iglesia upang dalisayin ito? Kung ang iglesia ay nadalisay na—ibig sabihin, kung walang masasamang taong nagsasanhi ng mga kaguluhan sa loob nito at walang mga hindi mananampalataya na nakahalo sa mga

miyembro nito—magiging isa itong tunay na iglesia, at magkakaroon din ito ng mga pinakamainam na resulta sa buhay iglesia. Hindi ba't magiging isa rin itong malaking hakbang tungo sa pagsasakatuparan sa kaharian ni Cristo? Ang isang dalisay na iglesiang tulad nito ay magiging lubos na kapaki-pakinabang sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian, dahil ang lahat ay magtataglay ng katotohanang realidad, ang lahat ay makakapagpatotoo sa Diyos at magagawang ganap bilang mga tao ng Diyos, at wala nang masasamang taong magsasanhi ng mga kaguluhan. Natural, ang ganitong iglesia ang magiging pinakapinagpala. Kaya naman, ang pag-aalis mula sa iglesia ay isang napakamakabuluhang aytem ng gawain at ganap itong ginagawa para gawing mas mapayapa at walang mga kaguluhan mula sa masasamang tao ang kapaligiran kung saan ginagawa ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kanilang mga tungkulin. Dagdag pa rito, hindi sumusuporta ang sambahayan ng Diyos sa mga tamad at mga walang silbi, at sa mga linta na nagpapakasasa lang sa kaginhawahan at nakikinabang hangga't nais nila. Ang lahat ng hindi gumagawa ng kanilang mga tungkulin kahit kaunti at nakakagulo at nakakaapekto sa ibang taong gumagawa ng kanilang mga tungkulin, at ang lahat ng gumagawa ng mga iresponsableng komento, nakikialam, at hindi nag-aasikaso sa kanilang gawain na marapat na gawin sa iglesia, ay dapat ding paalisin. Ganap nang nabunyag ngayon ang lahat ng iba't ibang uri ng mga tao, ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ay kinakailangan, at dapat itong gawin nang masinsinan at maayos. Ang lahat ng masamang tao, anticristo, hindi mananampalataya, walang silbi, at parasitong ito na naibunyag ay ang mga itinataboy ng Diyos, at wala na silang pag-asang maligtas. Kung hindi isinagawa ng iglesia ang gawain ng pag-aalis, makakaapekto ito sa gawain ng pagpapalaganap sa ebanghelyo. Kaya, ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ay isang mahalagang aytem ng gawain na kailangang apurahang magawa nang maayos sa kasalukuyan. Tanging ang mga lider at manggagawa na makakagawa nang maayos sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ang karapat-dapat linangin at puwedeng magpatuloy bilang mga lider at manggagawa. Ang sinumang lider o manggagawa na humahadlang sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ay isang balakid at sagabal, at dapat silang ilantad at iulat ng hinirang na mga tao ng Diyos. Dapat munang lubusang paalisin at lutasin ng mga lider at manggagawa sa lahat ng antas ang lahat ng balakid at sagabal na ito sa gawain ng iglesia—ito ay naaayon sa mga layunin ng Diyos. Ito lang ang nakakatulong sa maayos na pag-usad ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, at nakakatulong sa iglesia na maisakatuparan ang kalooban ng Diyos upang makamit ng Diyos ang lahat ng kaluwalhatian.

VIII. Mga Panlabas na Usapin

Ikawalong aytem, mga panlabas na usapin. Ang gawain ng mga panlabas na usapin ay hindi isang malaking aytem ng gawain, ni hindi rin ito maliit, at mayroong ilang prinsipyo sa loob ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos tungkol sa mga panlabas na usapin. Una ay ang pag-aralan ang tungkol sa mga lokal na batas at

mga partikular na lokal na regulasyon. Ibig sabihin, anuman ang ginagawa ng iglesia sa isang partikular na lugar, dapat mo munang matutunan ang mga lokal na batas—ito ang isang prinsipyo. Ang isa pang prinsipyo ay na, kapag nahaharap ka sa mga problemang nauugnay sa mga panlabas na usapin na hindi mo nauunawaan o hindi malinaw sa iyo, dapat kang kumonsulta sa isang abogado at sa mga kaugnay na legal na propesyonal, at huwag maghusga nang walang sapat na kaalaman ng ikaw lang; dapat kang gumawa ng mga partikular na plano para sa pangangasiwa sa mga bagay-bagay ayon sa iba't ibang pambansang kondisyon sa iba't ibang bansa. Kaya, paano nabubuo ang ganitong mga plano? Dapat mong sundin ang sinasabi ng abogado at hayaan ang abogado na gumawa ng mga desisyon—huwag gumawa ng mga di-makatwirang paghusga o magdesisyon nang mag-isa. Ang mga pambansang kondisyon, polisiya, batas, at regulasyon ay magkakaiba sa bawat bansa, kaya huwag kang kumilos batay sa iyong imahinasyon. Halimbawa, ipagpalagay nang nakakita ka ng isang taong ninanakawan sa kalye sa Tsina. Itinatakda ng mga batas sa Tsina na ang sinumang dumadaan na nakakasaksi nito ay puwedeng matapang na makialam, hulihin muna ang magnanakaw, at pagkatapos ay dalhin ito sa mga pulis. Kung gagawin mo ito, ikaw ay magiging parang isang bayani, hindi mo kakailanganing magkaroon ng anumang legal na pananagutan, at dapat kang purihin. Ito ang pambansang sitwasyon at sistema sa Tsina, at isa itong uri ng tradisyonal na kultura sa Tsina—inilalarawan ito ng mga Tsino gamit ang magandang pakinggan na katawagan na "tradisyonal na kabutihan." Gayumpaman, sa Kanluran, lalo na sa mga bansang tulad ng U.S. at Canada, kung pagkakita mo sa isang taong nagnanakaw ng isang bagay ay agad mo siyang huhulihin at hihintayin mo ang mga pulis na dumating para arestuhin siya, mali iyon, labag iyon sa batas. Ito ay dahil isa ka lang ordinaryong mamamayan at hindi isang tagapagpatupad ng batas, at wala kang karapatang arestuhin ang kahit sino; tanging ang mga pulis ang may karapatang mang-aresto. Kapag nakakita ka ng isang magnanakaw, puwede mo itong isumbong sa mga pulis, pero hindi mo puwedeng arestuhin ang magnanakaw nang ikaw mismo. Kung basta-basta mong aarestuhin ang isang magnanakaw, kumikilos ka nang ilegal—ito ang batas sa Kanluran. Hindi angkop na isagawa ang "tradisyonal na kabutihan" ng mga Tsino sa Kanluran; may sariling mga batas ang Kanluran. Kung makakita ka ng isang taong nadapa sa kalye sa isang bansa sa Kanluran, ano ang nakasaad sa batas? Dapat kang lumapit at magtanong, "Ayos ka lang ba? Kailangan mo ba ng tulong?" Kung sasabihin ng tao na hindi niya kailangan ng tulong, maaari ka nang umalis. Kung makakita ka ng isang taong nadapa pero hindi mo siya tatanungin kung ayos lang siya o kukumustahin, at patuloy ka lang na maglalakad, kung gayon ay nilalabag mo ang batas. Kung mahaharap ka sa gayong sitwasyon sa Tsina, maaaring isa itong panloloko, at walang mangyayari sa iyo kung sakaling hindi mo ito papansinin. Kung magtatanong ka, "Ayos ka lang ba? Kailangan mo ba ng tulong?" maaaring magdulot ito ng abala sa iyo, maaaring lokohin ka ng taong iyon, at pagkatapos ay hindi ka na muling makakapamuhay nang maayos. Ano ang sinasabi ng dalawang bagay na ito sa inyo?

Ganap na magkaiba ang edukasyon sa iba't ibang bansa at iba't ibang lahi, gayundin ang mga kapaligirang panlipunan at mga sistemang panlipunan at, siyempre, ang mga batas at regulasyon. Pagdating sa gawain ng mga panlabas na usapin, sa isang banda, kailangang tumpak na maunawaan ng mga taong gumagampan ng gawaing ito ang mga batas, regulasyon, at probisyon na kaugnay sa gawain ng iglesia, at sa kabilang banda, dapat din nilang ipalaganap ang ilang karaniwang kaalaman sa buhay o mga legal na probisyon na kailangang malaman ng mga kapatid. Samakatwid, ang sambahayan ng Diyos ay mayroong mga pagsasaayos ng gawain patungkol sa aytem na ito ng gawain na nag-oobliga sa mga taong gumagampan nito na palaging kumonsulta muna sa mga nauugnay na batas at regulasyon ng pamahalaan sa anumang ginagawa nila. Lalo na kapag nahaharap sa mga isyung mahirap lutasin, kailangan nilang kumonsulta sa isang abogado at huwag bulag na gumawa ng sarili nilang mga paghusga o bumuo ng mga solusyon ayon sa pag-iisip at lohika ng mga Tsino—isa itong hangal at mangmang na paraan ng pagkilos. Kapag naunawaan na ninyo ang mga bagay na ito, dapat alam na rin ninyo ang kahalagahan ng gawain ng mga panlabas na usapin, kung anong mga resulta ang nilalayon nitong makamit, at pati na kung gaano kahalaga para sa sambahayan ng Diyos na gawin ang mga pagsasaayos ng gawaing ito. Hindi gaanong malaki ang saklaw ng aytem ng gawaing ito, kaya, sa maraming pagkakataon, sapat na ang malinaw na ipaunawa sa tauhang sangkot sa gawaing ito ang mga pagsasaayos ng gawain. Kung isa itong bagay na kailangang malaman ng mga kapatid, tulungan silang maunawaan at maarok ito. Napakahalaga rin ng gawain ng mga panlabas na usapin, dahil hindi maaaring hindi nauunawaan ng mga kapatid ang mga batas at regulasyon na kaugnay sa kanilang pamumuhay at paggawa sa ibang bansa. May mga partikular na pagsasaayos ng gawain ang sambahayan ng Diyos tungkol sa kung ano ang hinihingi sa aspektong ito, at talagang kinakailangan itong ipatupad ayon sa mga pagsasaayos ng gawain. Kung may lilitaw na mga espesyal na sitwasyon, gagawa ang sambahayan ng Diyos ng ilang solusyon para sa panahon ng kagipitan. Kung ang isang trabaho ay nauugnay sa gawain ng mga panlabas na usapin, kailangan ninyong kumonsulta sa mga tauhan ng panlabas na usapin at tingnan kung anong mga partikular na pagsasaayos mayroon ang sambahayan ng Diyos patungkol sa naturang trabaho, huwag bulag na umasa sa inyong imahinasyon at kumilos nang walang sapat na kaalaman. Ang pagkilos sa ganoong paraan ay malamang na magdulot ng problema, at kahindik-hindik ang maaaring mga kahihinatnan. Ang gawain ng mga panlabas na usapin ay isa ring trabaho na may iisang gampanin, hindi ito komplikado, at dapat mong mahanap ang mga pinakapartikular na usapin ng gawain sa mga pagsasaayos ng gawain. Kapag nagsisimula pa lang gawin ng mga tao ang gawain ng mga panlabas na usapin sa ibang bansa, mararamdaman nilang medyo komplikado ito, pero matapos itong gawin nang ilang panahon, nakakahanap sila ng mga gawi at pamamaraan, at tila hindi na ito masyadong komplikado. Noong una, ang mga Tsinong pumunta sa ibang bansa ay iniulat dahil sa pagkakalat, pagtulog nang dis-oras ng gabi, paggising nang napakaaga, pang-iistorbo

sa mga tao dahil sa tahol ng kanilang mga aso, pagsasampay ng mga damit sa balkonahe, at hindi wastong pagpaparada ng sasakyan—iniulat sila dahil sa maraming bagay. Sa huli, maraming beses silang iniulat, palaging kumakatok ang mga pulis sa kanilang mga pintuan para bigyan sila ng gabay, at pagkalipas ng mahabang panahon, saka lang nila napagtanto na nasa ibang bansa sila at wala sa Tsina. Unti-unti, naging alerto sila, nagkaroon sila ng kamalayan sa batas, at naunawaan nila ang ilang panuntunan tungkol sa buhay, trabaho, pagmamaneho, at iba pa. Noong unang magpunta sa ibang bansa ang mga Tsino, nakakaunawa lang sila ng ilang batayang etiketa kung paano umasal at wala silang batayang kaalaman tungkol sa karamihan sa mga legal na usapin; para lang silang mga hayop sa gubat, walang anumang kamalayan sa batas. Pagkalipas ng ilang taon, nagkaroon sila ng kaunting kaalaman at nakaunawa ng ilang panuntunan, na para bang sila ay napaamo, at bumuti sila nang kaunti.

IX. Kapakanan ng Iglesia

Ikasiyam na aytem, kapakanan ng iglesia. Gumawa ang sambahayan ng Diyos noon ng mga pagsasaayos ng gawain patungkol sa kapakanan ng iglesia, at kung iyong mga gumagawa ng kanilang mga tungkulin nang full time o ang kanilang mga pamilya ay nangangailangan ng tulong para makaraos sa pang-araw-araw, kailangang lutasin ng mga lider ng iglesia ang isyung ito. Matatagpuan sa mga pagsasaayos ng gawain na ito ang mga partikular na plano at prinsipyo ng pagpapatupad, at nagbigay ang sambahayan ng Diyos ng mga partikular na pahayag at tuntunin. Tungkol sa mga kapatid na nakulong dahil sa pananampalataya nila sa Diyos, sa gayon ay nagsasanhi ng paghihirap sa pang-araw-araw na pamumuhay ng kanilang mga pamilya; mga magulang na gumagawa ng kanilang mga tungkulin sa loob ng mahabang panahon nang malayo sa tahanan at walang sinumang nag-aalaga sa kanilang mga anak; at mga kapatid na may sakit na maraming taon nang gumagawa sa kanilang mga tungkulin, dapat magbigay ng tulong at resolusyon ang iglesia para sa mga ito at sa iba pang mga katulad na paghihirap. Mayroong espesyal na sitwasyong nauugnay sa aytem na ito ng gawain, at iyon ay kapag natutugunan ng ilang pamilya ang mga kondisyon para makapagpatira ng mga kapatid sa kanilang bahay pero wala silang pinagkakakitaan—kung gayon, paano dapat pangasiwaan ang kanilang mga gastusin sa pagpapatira sa mga kapatid? Saklaw ito ng gawain ng kapakanan ng iglesia. Ang mga tuntunin tungkol dito ay matatagpuan sa mga pagsasaayos ng gawain, o maaaring makatwirang maglaan ang mga lider at manggagawa ng pondo ng iglesia ayon sa lokal na sitwasyon upang maisakatuparan ang gawain ng pagpapatira sa bahay—may mga partikular na tuntunin ang iglesia para sa mga bagay na ito. Kung lumitaw ang ilang espesyal na sitwasyon na labas sa saklaw ng mga partikular na tuntuning ito, maaaring magbahaginan at magtalakayan ang mga lider at manggagawa tungkol sa usapin, at gumawa ng kongkreto, makatwirang mga pagsasaayos batay sa mga normal na pamantayan ng pamumuhay sa lugar na iyon. Bagama’t hindi ito isang malakihang aytem ng gawain, ni

isang napakahalagang gampanin, isa itong gawain na saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi ito puwedeng makaligtaan. Kung walang sinumang nangangailangan ng suporta para makaraos sa pang-araw-araw o ng tulong pinansiyal, hindi na kailangang mag-abala ng mga lider at manggagawa na humanap ng mga taong nangangailangan. Kung mayroong gayong mga tao, hindi sila dapat iwasan ng mga lider at manggagawa, at lalong hindi nila dapat balewalain ang mga ito, hindi maaaring nakatunganga lang sila, o magkunwaring hindi nakikita ang mga taong ito. Dapat silang kumilos alinsunod sa mga prinsipyo—ito ang responsabilidad nila.

X. Mga Plano sa Panahon ng Kagipitan

Ikasampung aytem, mga plano sa panahon ng kagipitan. Ang mga plano sa panahon ng kagipitan ay tumutugon sa mga espesyal na isyu na lumilitaw sa alinmang parte ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Mga problema man itong kailangang agarang lutasin na lumilitaw sa gawain ng ebanghelyo, o sa gawaing administratibo, o sa propesyonal na gawain, o kung pinapangasiwaan man ang isang kasong may kinalaman sa mga anticristo o huwad na lider, o kung nakilatis ang ilang espesyal na sitwasyon kung saan may nailihis na mga tao, ang lahat ng ito ay nabibilang sa kategorya ng mga plano sa panahon ng kagipitan. Halimbawa, kung may nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, o kung ang isang anticristo ay nagiging di-makatwiran at diktatoryal at nagtatangkang magtatag ng sarili niyang kaharian, at iba pa, sa sandaling matuklasan ng sambahayan ng Diyos na karapat-dapat lumikha ng isang pagsasaayos ng gawain para sa partikular na pagpaplano tungkol sa isa sa mga sitwasyong ito, gagawa ito ng kaukulang nakasulat na pagbibigay-alam. Ang mga plano sa panahon ng kagipitan ay nakabatay sa mga sitwasyon ng kagipitan na nangyayari sa iglesia sa panahong iyon, at lumilikha ang Itaas ng mga partikular na pagsasaayos ng gawain ayon sa kalubhaan ng mga sitwasyon, at pagkatapos ay iniaatas at ipinagbibigay-alam ang mga ito. Ang partikular na plano ay maaaring nauugnay sa alinmang aytem ng gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa, hangga't ito ay isinasaayos ng Itaas at hinihingi ng Itaas na ipatupad ito ng mga lider at manggagawa, dapat itong iatas at ipatupad ng mga lider at manggagawa alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain ng Itaas. Hindi sila dapat maging walang galang tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain na ito. Kapag gumagawa ang Itaas ng ganitong mga uri ng pagsasaayos ng gawain, ang mga ito ay hindi mas mababa sa anumang gawaing administratibo o partikular na propesyonal na gawain. Bagama't pansamantala lang ang mga pagsasaayos na ito ng gawain, dapat pa ring iatas, ipagbigay-alam, ipatupad, at subaybayan ng mga lider at manggagawa ang mga ito katulad ng mga pormal na pagsasaayos ng gawain, at pagkatapos ay magbigay ng paliwanag at ulat sa Itaas—ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang mga plano sa panahon ng kagipitan ay hindi nakatuon sa anumang partikular na aytem ng gawain, ibig sabihin, sa anumang oras na ang Itaas ay magtalaga ng isang gampanin, may hingin, o magbigay ng isang pagsasaayos ng gawain sa mga lider sa

lahat ng antas at lugar, hindi dapat balewalain ng mga lider at manggagawa ang ganitong uri ng gawain. Sapagkat ang mga ito ay mga pagsasaayos ng gawain, at iniaatas ang mga ito sa mga lider sa lahat ng antas at sa lahat ng lugar, ang mga ito ay gawain na saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Hindi puwedeng walang gawin ang mga lider at manggagawa o iklasipika nila ang gawain batay sa saklaw nito, o kung ito ba ay gawain na nakatalaga sa kanila o hindi, o hindi sila dapat magbakasakali sa tono at pagmamadali ng Itaas sa mga pagsasaayos ng gawain para matukoy kung maagap bang ipapatupad ang mga ito. Hindi dapat mangyari ang gayong mga bagay, sa halip, dapat isagawa ng mga lider at manggagawa ang gawain gaya ng ginagawa nila sa isang pormal na gawain, at tapusin ito habang itinuturing ito na isang mahalagang gampanin at atas—ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. May mga plano sa panahon ng kagipitan sa mga espesyal na sitwasyon, at ito ay gawaing isinasagawa sa mga espesyal na konteksto. Kapag nangyayari ang ilang partikular at espesyal na bagay, gagamitin ng Itaas ang mga konteksto at pangyayaring ito para himukin ang mga lider at manggagawa o ang mga kapatid na gamitin ang pagkakataong ito para kilatisin ang mga tao at bagay sa mas praktikal na paraan gamit ang katotohanan, para matuto kung paano makilala ang mga tao at bagay, at magkamit ng mas malalim na pagkaunawa sa katotohanan. Ang layon ng paggawa nito ay para mabigyan ng kakayahan ang mga tao na makilatis ang mga huwad na lider at anticristo. Bukod dito, ginagawa ito para magkaroon ang mga kapatid ng tahimik, angkop, at hindi nagugulong kapaligiran para sa kanilang buhay iglesia. Sa kabilang banda, ginagawa ito para bigyang-kakayahan ang mga tao na maagap na matuto ng iba't ibang aral at makatanggap ng pagsasanay; matapos masanay nang isang beses sa ganitong paraan, magkakaroon ang mga tao ng napakalaking pag-usad sa kanilang buhay. Ito ay isang paraan ng pagsasanay ng Itaas sa mga lider at manggagawa sa lahat ng antas at sa mga kapatid, lalo na sa mga kapatid na naghahangad sa katotohanan. Walang masamang hangarin dito, hindi pinapahirapan ng Itaas ang mga tao, o ginagawang komplikado ang mga bagay nang walang dahilan. Bagama't ang mga ito ay mga plano sa panahon ng kagipitan, na mga pansamantalang pagsasaayos ng gawain, may kabuluhan at halaga pa rin ang mga ito, at umaasa Ako na mauunawaan ito ng mga lider at manggagawa sa lahat ng antas at ng mga kapatid, at na haharapin nila ang mga ito nang tama.

Nakapaglista tayo ng 10 aytem ng mga pagsasaayos ng gawain sa kabuuan, at halos natapos na Ako sa pagbabahagi tungkol sa 10 aytem na ito ngayon. Hindi Ko gaanong naibahagi nang detalyado ang mga ito, pero sapat na ang naibahagi Ko para maunawaan at maarok ninyo kung ano nga ba ang mga pagsasaayos ng gawain at kung anong partikular na gawain ang ginagawa ng sambahayan ng Diyos. Sa kabilang banda, naipaunawa sa inyo kung ano nga ba mismo ang ginagawa ng Diyos sa iglesia at sa mga taong Kanyang hinirang sa pamamagitan ng mga partikular na aytem na ito. Ang gawain ng sambahayan ng Diyos ay hindi pakikilahok sa isang negosyo, o sa politika, o sa

mga karapatang pantao, hindi rin ito pakikilahok sa anumang komersiyal na aktibidad; ang mga aytem ng gawain na ginagawa ng sambahayan ng Diyos ay iyong mga matatagpuan sa mga pagsasaayos ng gawain. At kaya naman, ang ilang naghaharing partido at institusyong panlipunan ay palaging nagsusubaybay, nagsasaliksik, at nag-iimbestiga kung ano ang nangyayari sa Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos, at marahil sa kanilang pagsusuri dito—sa pamamagitan ng panonood sa mga video at website ng sambahayan ng Diyos—nakumpirma nila na Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos ay isang totoong pananalig, at na wala itong kinalaman sa anumang politikal na aktibidad ng anumang bansa. Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos ay dumanas ng matinding pang-aapi at pang-aatake ng CCP sa loob ng maraming taon, subalit patuloy pa rin itong nangangaral ng ebanghelyo at nagpapatotoo sa Diyos, at nai-upload na nito online ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, at lahat ng uri ng mga video ng patotoo, na nagdudulot ng napakalaki at napakaraming pakinabang sa lipunan ng tao, at ganap na pinatutunayan na patuloy na nagpapahayag ang Diyos ng katotohanan at nagliligtas sa sangkatauhan sa mga huling araw. Patuloy silang nagsasaliksik, at ano ba ang resultang nakukuha nila sa kanilang pagsasaliksik? Hindi ba't lubha silang nadidismaya? Pinagninilay-nilayan pa nila kung anong bentaha ang maaari nilang mahanap para mabansagan na "kulto" ang ating iglesia, at matawag itong kontra-partido at kontra-estado. Pero ngayon, nakikita nila na hindi nila ito magagawa—batay sa mga pagsasaayos ng gawain na iniatas ng iglesia sa mga nagdaang taon, hindi nila maaaring bansagan ang iglesia nang ganito, at nauwi sa wala ang lahat ng pananaliksik nila. Katulad lang ito noong pinag-aralan ng mga Hudyo ang Panginoong Jesus noong mga panahong iyon. Pinag-aralan ng mga eskriba, Pariseo, at mataas na opisyal ng gobyerno ang mga sinabi at ginawa ng Panginoong Jesus, at natuklasan nila na wala Siyang ginawa na labag sa batas o na politikal, na ang lahat ng sinabi at ginawa ng Panginoong Jesus ay tama, ang katotohanan, at ganap na naaayon sa mga Kasulatan, at sa huli ay nabigo sila. Nakikita ng mundo ng relihiyon ngayon na gumagawa ang sambahayan ng Diyos ng mas marami pang pelikula at video ng patotoong batay sa karanasan, at lalo ring dumarami ang mga aklat at pagbasa ng mga salita ng Diyos, at kaya, ano ang iniisip nila? Kung hindi nila makita na nagmumula sa Diyos ang lahat ng bagay na ito, talagang lubha silang hangal! Iyong nagmumula sa Diyos ay tiyak na uunlad—ito ang bunga ng gawain ng Banal na Espiritu, at walang sinuman ang makakapagtago nito. Lumaganap na sa buong mundo ang mga salita ng Diyos at nakalatag sa harap ng buong sangkatauhan ang mga katotohanang ipinapahayag Niya; ang pagpapakita at gawain ng Diyos ay patuloy na dumadaloy nang makapangyarihan, walang bansa o puwersa ang makakakontra dito. Tuluyan nang napahiya at natalo ang malaking pulang dragon! Kahit gaano pa ito kondenahin ng mundo ng relihiyon, hindi nila kayang labanan ang gawain ng Diyos, at sa huli, maaari lamang silang maitiwalag at malunod ng malakas na agos nito.

Tapos na Akong magbahagi ngayon tungkol sa mga aytem ng mga pagsasaayos ng gawain. Hindi ba't ang lahat ng naibahagi Ko ay ang gawain ng sambahayan ng Diyos?

Ang gawaing ito ang nakikita ng inyong mga mata, ang naririnig ng inyong mga tainga, at ang personal ninyong nararanasan at pinahahalagahan—walang anumang lihim tungkol dito. Hawak ng malaking pulang dragon ang lahat ng pagsasaayos ng gawain ng iglesia sa mga nagdaang taon—marami at komprehensibo ang mga pagsasaayos ng gawain na taglay nila. Araw-araw nilang pinag-aaralan ang mga ito, at patuloy nilang pinag-aaralan ang mga ito hanggang sa wakas ay umabot sila sa kongklusyong ito: “Kung patuloy na ipinalalaganap ng mga taong ito ang mga salita ng Diyos at nagpapatotoo sila sa gawain ng Diyos sa ganitong paraan, malaking problema iyon! Kailangang lipulin ang lahat ng taong ito, at hindi sila dapat hayaang makaligtas kahit pa tumakas sila sa ibang bansa.” Kita mo, ang mga diyablo ay hindi katulad ng mga ordinaryong tiwaling tao—kokontrahin nila ang Diyos hanggang sa mapait na wakas. Kapag nakikita ng mga ordinaryong tiwaling tao ang mga patotoo mula sa iglesia, nauunawaan nila ang mga ito, iniisip nila na makatwiran ang mga ito, at hindi sila magsasagawa ng anumang pag-uusig. Gayumpaman, hindi ganito si Satanas at ang mga diyablo. Kapag nakikita nila na sumusunod at nagpapatotoo ka sa Diyos, kamumuhian ka nila, gusto ka nilang patayin, at hindi ka nila pahihintulutang mabuhay. Kung hindi mo gagawin ang sinasabi nila at hindi mo sila sasambahin, hinding-hindi ka nila titigilan, at hindi ka nila hahayaang mabuhay. Tutugisin ka nila hanggang kamatayan saan ka man magpunta; kahit pa pumunta ka sa mga pinakadulo ng mundo, hindi ka nila lulubayan. Ito ang ginagawa ng malaking pulang dragon. Ito ang kabuktutan ni Satanas, at naiiba ito sa mga ordinaryong tiwaling tao. Dapat malinaw sa iyo ang puntong ito.

Paano Tumpak na Ipagbigay-alam at Ipatupad ang mga Pagsasaayos ng Gawain

I. Paano Ipagbigay-alam ang mga Pagsasaayos ng Gawain

Ang 10 aytem na ito ng mga pagsasaayos ng gawain ay ang saklaw at nilalaman ng lahat ng iba’t ibang gawain na ginagampanan ng Diyos sa iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ang pag-unawa sa nilalaman at saklaw ng gawaing ito ay nakakatulong sa hinirang na mga tao ng Diyos na pangasiwaan ang mga lider at manggagawa sa paggawa nang maayos sa gawaing ito. Sa kabilang banda, ito ay pangunahing tumutulong sa mga lider at manggagawa na maunawaan at maarok ang saklaw ng kanilang mga responsabilidad, at ang gawaing dapat nilang ginagawa at ang mga responsabilidad na dapat nilang tinutupad, at na magkaroon ng tumpak na depinisyon sa titulong “mga lider at manggagawa.” Ano ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Anong wangis ang dapat nilang isabuhay? Dapat ba silang maging katulad ng mga opisyal ng isang estado ng gobyerno? (Hindi.) Ang “mga lider at manggagawa” ay hindi isang opisyal na posisyon o titulo. Dapat maunawaan ng isang tao kung ano ang mga lider o manggagawa mula sa mga tungkuling ginagawa ng mga lider at manggagawa, at mula sa atas na ipinagkakatiwala ng Diyos sa kanila, at sa mga

pamantayang hinihingi Niya sa kanila. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng medyo kongkretong pagkaunawa ang isang tao tungkol sa designasyon ng “mga lider at manggagawa,” at magiging mas malinaw sa kanya ang depinisyon ng mga lider at manggagawa. Anong mga responsabilidad ang dapat tuparin ng mga lider at manggagawa sa pinakamababa? Dapat tumpak nilang ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang bawat pagsasaayos ng gawain nang ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, tulad ng binanggit sa ikasiyam na aytem. Anuman ang aspektong nauugnay sa pagsasaayos ng gawain, basta’t ipinagbigay-alam ito sa pamamagitan ng mga lider at manggagawa, ang kailangan nilang gawin ay ipagbigay-alam ang pagsasaayos ng gawain sa mga iglesia nang walang pagkaantala at walang tigil, matapos silang magkaroon ng ganap na tumpak na pagkaunawa rito. Tungkol naman sa kung kanino dapat ipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain, kung hinihingi ng sambahayan ng Diyos na ipagbigay-alam ang pagsasaayos ng gawain sa lahat ng antas ng mga lider at manggagawa, kabilang na ang mga tao sa antas ng mga mangangaral, mga lider ng iglesia, at mga diyakono ng iglesia, dapat ipagbigay-alam ang mga ito hanggang umabot sa mga tao sa antas na ito, at iyon na iyon; kung kinakailangang ipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain sa bawat kapatid, kailangang ipagbigay-alam ang mga ito sa bawat kapatid nang mahigpit na naaayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Kung dahil sa kapaligiran ay hindi madali na ipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain nang nakasulat, at ang paggawa nito ay magdudulot ng mga panganib sa seguridad o mas malalaking problema, ang mahalaga at pangunahing nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain ay dapat tumpak na maipagbigay-alam sa bawat tao nang pasalita. Kaya, paano ito dapat gawin para masabing naipagbigay-alam na ang mga pagsasaayos ng gawain? Kung ipinagbibigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain nang nakasulat, kailangang makumpirma na natanggap ng lahat ang mga ito, na alam ng lahat ang mga ito, at na sineseryoso ng lahat ang mga ito; kung ipinagbibigay-alam ang mga ito nang pasalita, sa sandaling naipagbigay-alam na ang mga ito, kailangang paulit-ulit na tanungin ang mga tao kung nauunawaan ba nila nang malinaw ang mga ito at kung naaalala nila ang mga ito, at maaari pang hilingin sa kanila na sabihin ulit ang mga pagsasaayos ng gawain—sa ganitong paraan lamang maituturing na tunay na naipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain. Kung kaya ng mga tao na ulitin at malinaw na isalaysay kung ano ang mga hinihinging prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, at kung ano ang partikular na nilalaman, pinatutunayan nito na naipagbigay-alam na sa kanilang isipan ang mga pagsasaayos ng gawain, na natatandaan nila ang mga ito, at nauunawaan nang malinaw ang mga ito. Saka lang maituturing na tunay nang naipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain. Kung ang mga kalagayan, kapaligiran at iba pang gayong salik ay pawang naaangkop sa pagbibigay-alam sa mga pagsasaayos ng gawain nang nakasulat, tiyak na dapat ipagbigay-alam ang mga ito nang nakasulat; kung ang mga ito ay hindi maaaring maipagbigay-alam nang nakasulat dahil hindi ito pinahihintulutan ng kapaligiran at sa halip ay dapat itong ipagbigay-alam

nang pasalita, dapat makumpirma na ang ipinagbibigay-alam nang pasalita ay pareho sa mga pagsasaayos ng gawain, na ang mga ito ay hindi baluktot, at walang idinagdag na sariling pagkaunawa sa mga ito, at ang orihinal na teksto ang ipinagbibigay-alam—sa ganitong paraan lamang maituturing na tunay at tumpak na naipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay dapat ipagbigay-alam nang ganap na naaayon sa mga partikular na pagkakasulat ng mga ito; ang mga ito ay hindi dapat ipagbigay-alam sa iresponsableng paraan o nang may mga baluktot o kakatwang pagpapakahulugan batay sa mga personal na pang-unawa at imahinasyon ng mga tao. Pagdating sa tumpak na pagbibigay-alam tungkol sa mga ito, dapat maunawaan ng mga tao ang antas ng kahigpitan para sa pagbibigay-alam ng mga pagsasaayos ng gawain; ibig sabihin, ang pagbibigay-alam tungkol sa mga ito ay kailangang gawin nang tumpak. Sinasabi ng ilang tao, “Kailangan ba naming ipagbigay-alam ang mga ito nang eksakto?” Hindi, hindi naman kinakailangan iyon. Ang pagiging eksakto ay hinihingi sa mga makina; kung maipagbibigay-alam lamang ito nang tumpak ng mga tao, maayos na iyon. Halimbawa, patungkol sa buhay iglesia, hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos sa hinirang na mga tao ng Diyos na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa pagkilala sa Diyos—madali bang ipagbigay-alam ito? (Oo.) Ang mga pagsasaayos ng gawain ay nagbibigay sa mga tao ng isang saklaw at maaari nilang basahin ang lahat ng nauugnay na salita ng Diyos. Gayumpaman, kung magkakamali ng interpretasyon ang isang tao sa mga pagsasaayos ng gawain, idinadagdag ang personal niyang pagkaunawa, mga kuru-kuro, at mga imahinasyon, at ipinagbibigay-alam ang ilang karagdagang salita, hindi ba’t nangangahulugan ito na lumihis siya sa mga pagsasaayos ng gawain? Tumpak ba niyang ipinagbibigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain? (Hindi.) Ipinagbibigay-alam niya ang mga pagsasaayos ng gawain nang may sarili niyang mga karagdagan—ito ay pawang walang katuturan. Dapat basahin ng isang tao ang bawat pagsasaayos ng gawain na nagmumula sa ang Itaas nang ilang beses at maging malinaw sa tamang kahulugan nito, ang kahalagahan ng pag-aatas ng pagsasaayos na ito ng gawain, at kung anong mga resulta ang nilalayon nitong makamit, at pagkatapos ay alamin ang wastong paraan ng pagsasagawa sa mga partikular na aytem ng gawain na isinaayos ng ang Itaas, iniiwasan na makagawa ng anumang pagkakamali. Ang pagbibigay-alam tungkol sa pagsasaayos ng gawain pagkatapos mapagbahaginan at maunawaan ang mga bagay na ito ay ganap na tumpak. Ang unang kailangang gawin ay ang ipadala ang mga pagsasaayos ng gawain mula sa mga lider at manggagawa sa mga pastoral na lugar papunta sa lahat ng ibang antas ng mga lider at manggagawa, na siya namang magpapadala sa mga ito, sa wakas, sa superbisor ng bawat grupo sa bawat iglesia. Pagkatapos, kailangang pagbahaginan nang ilang beses sa mga pagtitipon ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos upang maunawaan ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga ito at malaman nila kung paano isagawa ang mga ito—kapag nakamit na ang ganitong resulta, saka lang maituturing na naipagbigay-alam

na ang mga pagsasaayos ng gawain. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay kailangang ipagbigay-alam ayon sa pamamaraan at saklaw na hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Siyempre, ang nilalaman na ipinagbibigay-alam ay kailangang tumpak at walang pagkakamali. Hindi dapat basta-bastang bigyan ng mga lider at manggagawa ng maling pakahulugan ang mga ito at idagdag ang sarili nilang mga ideya—hindi iyon tumpak na pagbibigay-alam ng mga pagsasaayos ng gawain, at maituturing itong pagkabigo na matupad ang mga responsabilidad nila bilang lider o manggagawa. Ganito dapat maunawaan ang tumpak na pagbibigay-alam at pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain.

Ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa kung hindi pa rin sila sigurado kung paano tumpak na ipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain? Mayroong napakasimple at napakadaling paraan para dito. Pagkatapos matanggap ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain, dapat muna silang makipagbahaginan tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain kasama ang iba pang mga lider at manggagawa, tingnan kung ilang partikular na aytem ang hinihingi ng ang Itaas para sa mga pagsasaayos na ito ng gawain, at isa-isang ilista ang mga ito. Pagkatapos, batay sa mga pagsasaayos na ito ng gawain, dapat nilang isaalang-alang ang aktuwal na sitwasyon ng lokal na iglesia, gaya ng mga kalagayan ng gawain ng ebanghelyo, ang iba't ibang uri ng propesyonal na gawain, at ang buhay iglesia, pati na ang kakayahan at mga kalagayan ng pamilya ng iba't ibang uri ng tao, at iba pa, iniuugnay ang lahat ng bagay na ito para makita kung paano ipapatupad ang mga bahaging ito ng gawain. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan, kailangang humantong ang lahat ng lider at manggagawa sa isang magkakapareho at tumpak na pagkaunawa sa mga pagsasaayos ng gawain, at magkaroon ng mga kaukulang pamamaraan sa pagbibigay-alam tungkol sa mga ito—sa ganitong paraan lamang tumpak na maipagbibigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain. Kung ang isang lider o manggagawa ay nakatanggap ng mga pagsasaayos ng gawain, at, nang hindi nalalaman kung ano ang partikular na nilalaman ng mga ito, bulag lang na tinitipon ang mga kapatid at iniatas at ipinagbibigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain, naaangkop ba ito? Ang resulta nito ay na makalipas ang isa o dalawang buwan matapos maipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain, natuklasan na may mga paglihis sa kung paano ipinatupad ang mga ito sa bawat iglesia, at, nang masusing tingnan ng lider o manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain, saka lamang nila natuklasan na may mga paglihis sa pagbibigay-alam tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain. Kung maingat na binasa at ibinahagi ng lider o manggagawa na iyon ang mga pagsasaayos ng gawain noon, wala sanang problema, pero dahil naging tamad at pabaya sila noong sandaling iyon, nagdulot sila ng maraming pagkakamali at paglihis sa gawain ng iglesia, at pagkatapos, kinakailangan nilang itama ang mga ito. Nagdaragdag ito ng isang ganap na di-kinakailangang hakbang at sayang ito sa oras. Mas maigi sana kung direkta nilang pinagbahaginan nang malinaw ang mga pagsasaayos ng gawain at pagkatapos ay isa-isang ipinagbigay-alam at ipinatupad ang

mga ito. Hindi ba't isang pagkakamali kapag hindi nagawa nang maayos ang gawain? (Ganoon na nga.) Samakatwid, may mga hakbang para tumpak na ipagbigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain. Kailangang magkaroon muna ang mga lider at manggagawa ng tunay na pagkaarok at tumpak na pagkaunawa sa partikular na nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain, at pagkatapos, kailangan nilang makaisip ng mga partikular na plano sa pagpapatupad, pamamaraan ng pagpapatupad, at mga target na indibidwal para sa pagpapatupad—sa ganitong paraan lamang tumpak na maipagbibigay-alam ang mga pagsasaayos ng gawain. Tama ba na basta na lang bulag na mag-atas at magbigay-alam ang mga lider at manggagawa ng mga pagsasaayos ng gawain kapag mayroon lang silang hindi kompletong pagkaunawa sa mga ito, kapag tila nakakaunawa lang sila sa mga ito, kapag ang mga ito ay malabo at hindi malinaw sa kanila, o kapag sadyang hindi nila nauunawaan ang mga partikular na hinihingi at nilalaman ng mga ito? (Hindi ito tama.) Magagampanan ba nang maayos ng gayong mga lider at manggagawa ang gawain? Malinaw na hindi. Kaya naman, sa mga sitwasyong hindi alam ng mga kapatid kung ano ang mga partikular na hinihinging pamantayan at prinsipyo sa mga pagsasaayos ng gawain, o kung paano mismo isasakatuparan ang mga ito, ang mga lider at manggagawa ay magkakaroon na ng tumpak na pagkaunawa sa mga pagsasaayos ng gawain, pati na ng mga kongkretong plano at hakbang para sa pagpapatupad ng mga ito—sa ganitong paraan lamang maisasakatuparan ng mga lider at manggagawa ang unang hakbang, iyon ay ang pagbibigay-alam tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain. Sa sandaling naipagbigay-alam na ang mga pagsasaayos ng gawain, at tumpak nang nauunawaan ng mga kapatid ang nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain, at mayroon na silang kaunting kaalaman sa katuturan, halaga, at mga pamantayan ng paggawa ng sambahayan ng Diyos sa gawaing ito, kung gayon, dapat agad na magbahagi ang mga lider at manggagawa sa kung paano magtalaga ng mga tao at partikular na detalye ng mga gawain, at magbahagi tungkol sa partikular na plano kung sino ang magpapatupad at magsasagawa ng gawaing ito—ito ang mga hakbang para sa paggampan ng gawain. Ano ang palagay mo sa pagsusubaybay sa gawain sa ganitong paraan? Maituturing ba ito na mahigpit na pagsusubaybay sa gawain? Ito ba ay agarang pagsusubaybay sa gawain? (Oo.)

II. Paano Ipatupad ang mga Pagsasaayos ng Gawain

Hindi ibig sabihin na sa sandaling makatanggap ang mga lider at manggagawa ng pagsasaayos ng gawain, kailangan lang nilang ipagbigay-alam at iatas ito, at iyon na iyon. Maituturing ba na naipatupad na ang pagsasaayos ng gawain sa sandaling malaman ng hinirang na mga tao ng Diyos sa bawat iglesia na naiatas ito? Hindi ito tunay na pagsasakatuparan at pagpapatupad sa isang pagsasaayos ng gawain, hindi ito pagtupad sa kanilang mga responsabilidad, ni ang pamantayan na hinihingi ng Diyos sa huli. Ang pagbibigay-alam at pag-aatas ng isang pagsasaayos ng gawain ay hindi ang layon—ang pagpapatupad dito ay ang layon. Kaya, paano dapat

partikular na ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain? Kailangang tipunin ng mga lider at manggagawa ang lahat ng kaugnay na mga superbisor at mga kapatid at makipagbahaginan sa kanila tungkol sa kung paano dapat gawin ang gawain, habang kasabay nito ay pumipili ng isang pangunahing superbisor at mga miyembro ng pangkat para magsagawa sa gawain. Ang unang dapat gawin ng mga lider at manggagawa kapag nagpapatupad ng gawain ay ang makipagbahaginan—makipagbahaginan kung paano gagawin ang gawain nang ayon sa mga prinsipyo at nang umaayon sa pagsasaayos na ito ng gawain mula sa sambahayan ng Diyos, at kung paano ito gawin sa paraan na nangangahulugang ang pagsasaayos na ito ng gawain mula sa sambahayan ng Diyos ay naipatupad at naisakatuparan. Habang nakikipagbahaginan, kailangang magmungkahi ang mga kapatid at ang mga lider at manggagawa ng iba't ibang plano, at sa huli ay pumili ng paraan, sistema, at mga hakbang na pinakaangkop at pinakanaaayon sa mga prinsipyo, pinagpapasyahan kung ano ang unang gagawin, at kung ano ang susunod na gagawin, upang makapagpatuloy ang gawain sa organisadong paraan. Kapag naunawaan na ito sa teorya, at wala nang mga paghihirap o imahinasyon ang mga tao, kapag hindi na sila makakaramdam ng anumang paglaban sa gawaing ito, at nauunawaan na nila ang kahulugan at layon ng pagsasaayos na ito ng gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi pa rin maituturing na naipatupad na ang gawain. Dapat ding pagpasyahan kung sino ang pinakaangkop at pinakabihasa sa gawaing ito, kung sino ang kayang pumasan sa responsabilidad ng gawaing ito, at kung sino ang may abilidad na tapusin ang gawaing ito. Kailangang piliin ang mga tao na aako ng gawaing ito, kailangang itakda ang plano ng pagpapatupad at ang takdang panahon na dapat itong tapusin, at kailangan ding ihanda at malinaw na isaad ang mga pagkukunan, materyales at iba pang gayong bagay na kinakailangan para matapos ang gawain—saka pa lang maituturing na naipatupad na ang gawain. Siyempre, bago ang pagpapatupad, kinakailangan ding magsagawa ng partikular na pagbibigay-alam at mga talakayan sa mga taong responsable sa gawaing ito nang paisa-isa, tanungin kung nagawa na ba nila ang ganitong gawain dati at kung ano ang mga pananaw at ideya nila tungkol dito. Kung magbibigay sila ng mga plano at ideya na naaayon sa mga prinsipyo, maaaring gamitin ang mga ito. Dagdag pa rito, sa pagpapatupad ng bawat gawain, kailangan ding maglaan ng atensiyon sa pagtuklas kung gaano karaming problema ba ang aktuwal na umiiral—hindi dapat kaligtaan ang hakbang na ito. Pagkatapos matuklasan ang mga problema, kailangang makapag-isip ng mga paraan para maagap na malutas ang mga problema, at pagkatapos na lubusang malutas ang lahat ng umiiral na problema, saka lang masasabing tunay na naipatupad na ang pagsasaayos ng gawain. Higit pa rito, hindi ba't kailangan mo ring hanapin kung paano gawin ang gawaing ito nang naaayon sa mga hinihinging prinsipyo ng sambahayan ng Diyos? Dagdag pa rito, kung mayroon bang anumang hinihingi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa itinakdang panahon para sa gawaing ito, kung kailan ito dapat matapos, kung mayroon bang anumang kongkretong tuntunin pagdating sa mga propesyonal na

kasanayan, at iba pa, ay pawang mga paksa na dapat pagbahaginan ng mga lider at manggagawa kasama ang mga kaugnay na superbisor. Ito ang pagpapatupad. Ang pagpapatupad ay hindi natatapos sa pagbibigay-alam nang pasalita o sa teorya, kundi, kabilang dito ang aktuwal na pag-usad ng kaugnay na gawain, pati na ang mga partikular na problema at paghihirap na kailangang malutas. Ang mga ito ay pawang mga bagay na dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa kapag ipinapatupad ang pagsasaayos ng gawain kasama ang mga superbisor. Ibig sabihin, bago gampanan ang partikular na gawaing ito, ang mga lider at manggagawa ay dapat magsagawa ng ganitong uri ng pagbabahaginan, pagsusuri, at talakayan kasama ang mga superbisor—ito ang pagpapatupad. Ang pagpapatupad na ito ay ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at ito ang dapat makamit ng mga lider at manggagawa. Ang magsagawa sa ganitong paraan ay ang gumampan ng tunay na gawain. Ipagpalagay nang sinasabi ng isang lider, “Ngayon, hindi ko rin alam kung paano gawin ang gawaing ito. Ano’t anuman, ipinasa ko na ito sa iyo. Ipinagbigay-alam at iniatas ko na rin ang pagsasaayos ng gawain sa iyo, at nasabi ko na sa iyo ang lahat ng nauugnay na usapin dito. Alam mo man itong gawin o hindi, paano mo man ito gawin, gawin mo man ito nang maayos o hindi, at gaano katagal mo man itong gawin, nasa sa iyo na ang lahat ng iyon. Walang kinalaman sa akin ang mga bagay na ito. Sa paggawa ko ng ganito karaming gawain, natupad ko na ang responsabilidad ko.” Dapat ba itong sabihin ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Kung sasabihin ito ng isang lider, anong klaseng tao siya? Isa siyang huwad na lider. Sa tuwing may mga hinihingi ang ang Itaas at kinakailangang gampanan ang gawain nang alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain, ganap itong ipinapasa ng ganitong uri ng tao sa iba, sinasabi niya, “Ikaw na ang gumawa nito, hindi ako marunong. Tutal, naiintindihan mo naman ang lahat ng ito. Eksperto ka, karaniwang tao lang ako.” Isa itong “sikat na kasabihan” na madalas sinasabi ng mga huwad na lider; naghahanap sila ng palusot at pagkatapos ay tumatakas na.

Sa pagbubuod, hindi responsable sa kanilang gawain ang mga huwad na lider. Hindi mahalaga kung mahusay o mahina ang kakayahan nila, o kung kaya nila ang gawain, ang pangunahing bagay ay na hindi sila nakatutok at hindi nila isinasapuso ang gawain, at palagi silang pabaya. Ito ang mga pagpapamalas ng hindi pagiging responsable. Sabihin nang medyo kulang sa kakayahan at lalim ng karanasan ang isang lider o manggagawa, pero kaya niyang maging tutok sa paggawa at isapuso ang gawain niya. Bagama’t hindi gaanong mahusay ang resultang nakakamit niya sa kanyang gawain, kahit papaano, isa siyang responsableng tao, ibinubuhos niya ang kanyang buong puso sa gawain niya, at ibinibigay ang lahat ng kanyang makakaya. Ang tanging dahilan na hindi niya nagagawa nang maayos ang gawain ay dahil medyo kulang siya sa kakayahan at mababa ang tayog niya. Kung magiging ganap siyang mahusay sa gawain niya matapos magsanay sa loob ng ilang panahon, dapat patuloy na linangin ang ganitong klase ng lider. Kung ang isang lider ay walang kahit katiting na konsensiya o katwiran, at kumakapit lang siya sa kanyang posisyon at nagpapasasa sa mga

pakinabang ng katayuan, pero hindi man lang gumagawa ng tunay na gawain, isa siyang tunay na huwad na lider at dapat siyang tanggalin kaagad, at hindi na kailanman muling pahintulutan na iangat o gamitin pa. Ang isang tunay na lider, isang responsableng lider, ay nagbubuhos ng lahat ng makakaya niya sa kanyang gawain—iniaalay niya ang isipan niya rito, naghahanap siya ng iba't ibang paraan para isakatuparan ang atas ng Diyos, at ginagawa niya ang pinakamalaking pagsisikap na makakaya niya—sa ganitong paraan, tinutupad niya ang kanyang mga responsabilidad. Habang ipinatutupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, oobserbahan at susubaybayan din ng mga responsableng lider ang estado ng pagpapatupad. Kung lilitaw ang isang di-inaasahang sitwasyon, magagawa nilang gamitin ang mga hakbang at solusyon sa pagtugon, sa halip na tumakas at maghugas-kamay tungkol sa usapin. Ang pagpapatupad ng gawain sa ganitong paraan ay tinatawag na pagiging responsable. Kapag iniatas ang isang pagsasaayos ng gawain, dapat ituring ng mga lider at manggagawa ang gawaing iyon bilang ang pinakamahalagang gawain sa kasalukuyan at pangasiwaan ito; dapat nilang personal na subaybayan ito, maging responsable para dito mula umpisa hanggang katapusan, at bitiwan lang ang gawain kapag nasa tamang landas na ito at kapag marunong na ang mga lider ng bawat pangkat kung paano ito gampanan. Subalit pagkatapos itong bitiwan, kailangan pa ring maunawaan ng mga lider at manggagawa ang estado ng gawain at inspeksiyonin ito paminsan-minsan, sa ganitong paraan lamang matitiyak na maayos na nagagawa ang gawain. Ang mga lider at manggagawa na hindi umaalis sa kanilang posisyon, nagpupursige mula umpisa hanggang katapusan, naglalagay sa gawain sa tamang landas—ito ay tinatawag na paggawa ng tunay na gawain. Sa panahong ito, kailangan ding asikasuhin at suriin ng mga lider at manggagawa ang pag-usad ng iba pang aytem ng gawain. Anuman ang mga paghihirap o problemang lumilitaw sa gawain, dapat mabilis na pumunta ang mga lider at manggagawa sa lugar ng gawain para magbigay ng direksiyon at solusyon. Kailangang tutukan ng pangunahing lider ang pinakakritikal na gawain, at kasabay nito, kinakailangan din niyang subaybayan, unawain, inspeksiyonin, at pangasiwaan ang iba pang gawain ng iglesia at tiyakin na ang lahat ng ito ay magpapatuloy nang normal. Pagdating sa pinakakritikal na gawain, kailangang personal na gumawa ang pangunahing lider sa lugar ng gawain at pamunuan ang gawaing ito, at lalo na pagdating sa mga kritikal na parte ng gawain, tiyak na hindi siya dapat umalis sa lugar ng gawain. Kung hindi sapat ang isang tao, dapat magsaayos ng isa pang tao na makikipagtulungan sa kanya at mamamahala sa gawain—ito ay ang paggawa ng lahat ng makakaya at ang pagkakaisa nang may parehong layon na gawin nang maayos ang kritikal na gawain. Dahil ang sambahayan ng Diyos ay mayroong pinakakritikal na gawain sa bawat yugto at panahon, kung hindi magagawa nang maayos ng pangunahing lider ang kritikal na gawain, nangangahulugan ito na may problema sa kakayahan niya at kailangan siyang tanggalin. Ang pangunahing lider ay dapat mangasiwa sa pinakakritikal na gawain habang ganoon din ang iba pang lider para sa ordinaryong gawain; kailangang matutunan ng mga lider at manggagawa kung paano magbigay prayoridad sa gawain

ayon sa kahalagahan at kaapurahan, at paano timbangin ang mga pakinabang at kawalan. Kung magiging bihasa ang mga lider at manggagawa sa mga prinsipyong ito, pasok sila sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa.

Karamihan sa mga lider at manggagawa sa sambahayan ng Diyos ay mga kabataan, mga baguhan, at nagsasanay silang gumampan ng gawain, kaya ang pinakamahalagang bagay para sa kanila ay ang matutong maging bihasa sa mga prinsipyo. Maaaring sabihin ng ilan, “Hindi ba’t masyadong mataas ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa mga lider at manggagawa?” Hindi naman talaga, sa totoo lang. Paanong naging mataas ang hingin sa mga tao na maging bihasa sa mga prinsipyo? Paano magagampanan nang maayos ng isang tao ang gawain ng iglesia kung hindi siya magiging bihasa sa mga prinsipyo? Paano magiging lider o manggagawa ang isang tao kung wala siyang mga prinsipyo sa pangangasiwa ng mga usapin? Ang pagiging bihasa sa mga prinsipyo ay isang hinihingi para sa mga lider at manggagawa, hindi para sa mga ordinaryong tao; kung hindi kaya ng isang tao na maging bihasa sa mga prinsipyo, hindi niya magagawa nang maayos ang gawain. Ang mga taong masyadong kulang sa kakayahan ay hindi nakakatugon sa mga prinsipyo, hindi sila lilinangin ng sambahayan ng Diyos, at hindi rin sila kalipikado na maging lider. Palaging nararamdaman ng ilang tao na mahirap maging lider, at may dalawang dahilan para dito: Ang isa ay na hindi nila nauunawaan ang katotohanan kahit kaunti at hindi nila kayang gamitin ang katotohanan para lutasin ang mga problema; ang isa pang dahilan ay na kulang sila sa kakayahan, hindi nila alam kung ano ang ibig sabihin ng paggawa ng gawain, hindi nila maipaliwanag nang malinaw ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa ng gawain, at ni hindi nila kayang magsalita ng mga doktrina nang malinaw. Ang ganitong mga tao ay hindi angkop na maging lider. Sabihin nang masyadong mahina ang kakayahan ng isang tao, hindi siya marunong gumawa ng gawain, at hindi talaga siya mahusay sa paggawa ng tungkulin niya—ibig sabihin, umaabot ng ilang araw ang paggawa niya ng isang trabaho na dapat ay isang araw lang matatapos, at anim na buwan niyang ginagawa ang isang trabaho na dapat ay isang buwan lang matatapos—ang gayong mga tao ay walang silbi, at wala silang kuwenta. Ang mga taong may napakahinang kakayahan ay hindi kayang gumawa ng anumang tungkulin nang maayos. Kapwa patas at makatwiran na may ganito Akong mga hinihingi sa mga tao, at ang mga ito ay mga bagay na kayang makamit ng mga lider at manggagawa. Pakiramdam ng ilang tao na masyadong mataas ang mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos—ipinapakita nito na masyadong mahina ang kakayahan nila, na hindi sila kalipikado na maging mga lider at manggagawa, at na dapat silang managot at magbitiw. Hindi mo kayang umako ng mga responsabilidad ng isang lider o manggagawa, at hindi ka angkop sa ganitong posisyon, kaya, kahit na isa kang lider, isa kang huwad na lider. Kung ni hindi mo kayang gawin nang maayos ang kahit isang gawain, paano mo pa maaasikaso ang iba pang gawain nang sabay-sabay? Karapat-dapat bang maging lider o manggagawa ang mga taong may napakahinang kakayahan? Kung hindi man lang sila kasinghusay ng isang asong-bantay, hindi sila karapat-dapat

na tawaging tao. Kapag nagbabantay ang aso sa isang bahay, hindi lang nito binabantayan ang harap at likod na bakuran, at ang taniman ng gulay, pero kaya pa nitong bantayan ang mga manok, gansa, at tupa ng bahay. Kapag may nakita itong isang estrangherong papalapit, tumatahol ito—hindi nito hahayaang makapasok ang sinuman sa bakuran at marunong itong magbigay ng babala sa amo nito kapag may papalapit na estranghero. Maging ang isipan ng isang aso ay hindi simple. Kung masyadong mahina ang kakayahan ng isang tao at hindi man lang maikukumpara sa isang aso, hindi ba't walang silbi ang ganoong uri ng tao? Ang ilang tao ay mahilig maglibang at namumuhi sa paggawa, matakaw at tamad sila, at gusto lang nilang maging palamunin sa sambahayan ng Diyos nang walang anumang ginagawa—hindi ba't mga linta sila? Sa pamamagitan ng paghingi sa mga lider at manggagawa na pangasiwaan ang mga bagay-bagay nang may mga prinsipyo, nililinang at sinasanay sila ng sambahayan ng Diyos na maisagawa ang katotohanan at makapasok sa realidad sa paggampan sa kanilang mga tungkulin. Nagagawa ng ilang lider at manggagawa na hangarin ang katotohanan at magpasakop sa mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos—ang mga taong ito ay pawang pinagpapala ng Diyos. Ang mga mahilig maglibang at namumuhi sa paggawa, at hindi gumagawa ng anumang tunay na bagay ay kailangang itiwalag. Ang lahat ng walang silbing tao na nag-iimbot ng kaginhawahan, na natatakot sa paghihirap at pagkapagal, na palaging nagrereklamo tungkol sa mga paghihirap at suliranin at hindi kayang magtiis ng paghihirap kahit kaunti ay kailangang itiwalag—walang ni isa ang maaaring manatili! Kung kapag sinisimulan ng mga lider at manggagawa ang kanilang gawain, nahaharap sila sa iba't ibang suliranin, dapat nilang hanapin ang pinagmulan ng problema at pagkatapos ay alisin ang mga taong humahadlang at naghahanap ng gulo nang di-makatwiran—ang mga balakid at sagabal na iyon. Kapag ang mga natitira ay pawang mga taong kayang tumanggap sa katotohanan, sumunod, at magpasakop, higit na magiging madali silang pamunuan. Kapag gumagawa ang mga lider at manggagawa, dapat muna silang malinaw na makipagbahaginan tungkol sa katotohanan upang magkaroon ang mga tao ng daan pasulong pagkatapos silang marinig. Hindi sila dapat magsalita ng mga doktrina, sumigaw ng mga islogan, at lalong hindi nila dapat pilitin ang mga tao na makinig at sundin sila at magsagawa. Kung malinaw na nakikipagbahaginan ang mga lider at manggagawa tungkol sa katotohanan, karamihan ng tao ay magiging handang isagawa ito. Nakakabahala kung hindi malinaw o lohikal na ipinaliliwanag ng mga lider at manggagawa ang mga bagay-bagay subalit hinihingi pa rin nila sa mga kapatid na magsagawa, at hindi alam ng mga kapatid kung paano magsasagawa at hindi nila mahanap ang landas ng pagsasagawa—makakaapekto ito sa mga resulta ng gawain. Hangga't lohikal na naipapaliwanag at malinaw na napagbabahaginan ng mga lider at manggagawa ang mga katotohanang prinsipyong nauugnay sa bawat partikular na uri ng gawain, karamihan ng tao ay magiging maunawain at makatwiran, at magiging handa silang gawin ang parte nila. Lahat ay handang makinig sa isang tao kung ang sinasabi

nito ay tama, naaayon sa katotohanan, at kapaki-pakinabang sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng mga kapatid. Gayumpaman, may pagkakataon na puro salita at doktrina lang ang sinasabi ng ilang lider at manggagawa, at kapag may nagtatanong sa kanila tungkol sa partikular na landas ng pagsasagawa, hindi nila ito maipaliwanag, at sa halip, nagsasalita sila ng magagarbong doktrina at sumisigaw ng ilang islogan, at pagkatapos ay pinapaalis na ang taong iyon. Hindi kumbinsido ang taong iyon, at iniisip nito, “Hinihiling mo sa akin na isagawa ito pero hindi mo naman ito malinaw na naipaliwanag—paano ko ito maisasagawa kung gayon? Wala akong landas na susundan! Tinanong kita dahil hindi ko nauunawaan, pero lumalabas na hindi mo rin pala nauunawaan, at marunong ka lang magsalita ng mga doktrina at sumigaw ng mga islogan. Hindi ka mas magaling kaysa sa akin. Bakit kita susundin? Ang susundin ko ay ang katotohanan, hindi ang pagsasalita mo ng mga doktrina at pagsigaw ng mga islogan!” Nangyayari ang ganitong uri ng sitwasyon. Kung maiiwasan ng mga lider at manggagawa ang pagsasalita ng mga walang kabuluhang doktrina, kung makakapagsalita sila nang totohanan, at malinaw na makikipagbahaginan sa mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa, magagawang sumunod ng karamihan ng tao. Samakatwid, ang gawain ng iglesia ay talagang madaling gawin; hangga’t taimtim na naipapatupad ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain, napanghahawakan ang kanilang mga tungkulin sa gawain, at nakakalahok sa partikular na gawain, tiyak na magagawa nila nang maayos ang gawain. Ang nakakabahala ay kung ang mga lider, manggagawa, at superbisor ay iresponsable at umaastang nakatataas, na marunong lang magsalita ng mga doktrina at sumigaw ng mga islogan, at hindi nakikilahok sa partikular na gawain sa mismong lugar—kung gayon, siguradong magkakaroon ng mga problema sa gawain. Ito ay dahil ang mga nasa ibaba ay hindi nakakakilatis sa ganitong mga uri ng bagay, kailangan nila ng isang taong magtuturo sa kanila ng daan, kailangan nila ng isang sandigan, kailangan nila ng isang taong personal na mamumuno sa kanila at magsasabi sa kanila kung ano ang gagawin, kailangan nila ng isang taong mangangasiwa at mag-iinspeksiyon, kung hindi, hindi maipapatupad ang gawain. Kung inaasahan mo na puwede kang basta na lang sumigaw ng ilang doktrina at islogan mula sa isang posisyon ng katayuan, at pagkatapos ay kikilos ang mga tao sa ibaba at gagawin ang sinasabi mo, mangarap ka lang. Ang mga tao sa ibaba ay parang mga makina: Kung walang magpapagana sa kanila, hindi sila kikilos. Kung ang mga naglilingkod bilang mga lider at manggagawa ay hindi man lang ito makilatis, lubha silang walang kabatiran! Kapag gumagawa ang mga huwad na lider, hindi nila makilatis ang anumang bagay. Hindi nila alam kung anong gawain ang kritikal at kung ano ang gawain ng pangkalahatang usapin, hindi rin nila magawang unahin ang mga gampanin ayon sa kahalagahan at kaapurahan. Anuman ang gawin nila, wala silang mga prinsipyo, hindi nila maipaliwanag nang malinaw ang landas ng pagsasagawa, at nagsasalita lang sila ng mga doktrina at sumisigaw ng mga islogan, nagsasabi lang ng ilang hindi praktikal na bagay. Dahil dito, wala silang magawang anumang gawain at maaari lamang silang itiwalag. Ang mga lider

at manggagawa ay kailangang matutong magsaayos at magpatupad ng gawain, at kailangan nilang matutong mag-inspeksiyon at mamuno sa gawain, at personal na lumutas ng mga problemang lumilitaw. Tanging ang ganitong mga lider at manggagawa ang makakagawa ng tunay na gawain at ganap na makakakumbinsi sa mga tao. Kung ang isang lider ay hindi kayang mamuno sa gawain o tumuklas at lumutas ng mga problema, at kung nagagawa lang niyang patuloy na sermonan at pungusan ang iba, at sinisisi niya ang iba kapag siya mismo ang pumapalpak, ito ay pagiging lider na walang kakayahan. Ang gayong lider ay isang taong walang silbi, isa siyang huwad na lider, at dapat siyang itiwalag. Kung hindi ka marunong gumawa ng ilang partikular na gawain, kahit papaano, kailangan mong maghanap ng dalawang angkop na tao na kikilos bilang mga katuwang mo para tulungan kang gawin nang maayos ang partikular na gawaing ito, at, kahit papaano, kailangan mo munang pangasiwaan at alisin ang mga nakahahadlang na tao na lumilikha ng mga kaguluhan. Hindi ba't ito ang paraan ng paglikha ng mga paborableng kondisyon para magawa nang maayos ang gawaing ito? Kung kapag nakakahanap ka ng mga taong kayang gumawa ng tunay na bagay, agad mo silang iniaangat, at kung agad mong pinangangasiwaan at pinapaalis ang mga nagsasanhi ng mga kaguluhan at pagkagambala, lalong mababawasan ang mga suliranin kapag patuloy mong ginagawa ang gawaing ito. Ang mga lider na lubhang kulang sa kakayahan ay hindi nakakagawa nang ganito. Natatakot silang makasakit ng damdamin ng iba, at kapag nakakakita sila ng isang masamang taong palagiang nagsasanhi ng mga kaguluhan at pagkagambala, hindi nila pinangangasiwaan ito. Hindi rin nila matukoy kung sino ang may kakayahang gumawa ng tunay na bagay, at hindi nila alam kung sino ang nararapat na iangat para mangasiwa sa gawain. Ang ganitong mga lider ay bulag at wala silang kakayahang gumampan ng gawain nila. Kung hindi nauunawaan ng mga lider at manggagawa ang katotohanan o ang mga propesyonal na kasanayan, hindi nila magagawa nang maayos ang gawain nila, kaya dapat madalas magsanay ang mga lider at manggagawa para makagawa ng tunay na gawain. Basta't nagiging bihasa sila sa mga prinsipyo, basta't alam nila kung paano unahin ang mga gampanin batay sa kahalagahan at kaapurahan, at marunong silang magtimbang ng mga pakinabang at kawalan, kung gayon, magagawa nila nang maayos ang kanilang gawain at sila ay magiging pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa.

Ngayong nakipagbahaginan na Ako tungkol sa nilalaman ng tumpak na pagbibigay-alam, pag-aatas, at pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain nang alinsunod sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, kayong mga lider at manggagawa ay mayroon na ba ngayong pangunahing pagkaunawa sa kung paano harapin at ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain? At mayroon na ba kayo ngayong tiyak na pagkaunawa sa mga responsabilidad at obligasyong dapat ninyong tuparin kapag nagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain? (Oo.) Ngayong mayroon na kayo ng tiyak na pagkaunawang ito, dapat mong isaalang-alang kung ano ang dapat mong gawin at hanggang saan mo ito kayang gawin, at pagkatapos, dapat magawa mong husgahan kung taglay mo ba o

hindi ang kakayahan na maging lider o manggagawa, at kung kaya mo ba ang gawain ng pamumuno. Tungkol naman sa ilang lider at manggagawa na may mahinang kakayahan at hindi gumagawa ng tunay na gawain—ibig sabihin, iyong mga tinatawag nating mga huwad na lider—kapag naunawaan na nila ang partikular na nilalaman ng ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ano ang dapat nilang gawin? Sinasabi ng ilan, “Hindi ko talaga naunawaan ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa noon, at nang maging lider na ako, umasa lang ako sa aking mga kuru-kuro at imahinasyon sa paggawa ng ilang gawain para lang magmukhang may ginagawa, at inakala ko na dahil masigasig ako at handang magtiis ng paghihirap, marahil ay pasok ako sa pamantayan bilang isang lider. Natigilan ako matapos makinig sa pakikipagbahaginan ng Diyos sa ganitong paraan. Lumalabas na isa pala akong huwad na lider, masyadong mahina ang kakayahan ko, at hindi ko kayang gumawa ng tunay na gawain. Ni wala akong kakayahan sa pagpapatupad ng kahit isang partikular na pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Inakala ko noon na ang pagbabasa ng isang pagsasaayos ng gawain nang ilang beses, pagpasa nito sa lahat, at paghihimok at pangangasiwa sa mga tao sa ibaba habang ginagawa nila ito, ay nangangahulugan na ipinapatupad ko ang pagsasaayos na iyon ng gawain. Pagkaraan ng ilang panahon, natuklasan ko na hindi nagawa nang maayos ang gawain at na maraming partikular na trabaho ang nakaligtaan, at saka ko lang napagtanto na talagang kulang ang kakayahan ko, at na hindi ako bagay na maging lider.” Kaya, ano ang dapat gawin ng isang taong gaya nito? Ayos lang ba kung sumuko siya sa gawain niya? (Hindi.) Kung gayon, may paraan ba para lutasin ang problemang ito? O hindi na ba ito malulutas? (Hindi, malulutas pa ito. Dapat pagsumikapan ng mga taong iyon na mas maging mahusay nang alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos.) Isa itong positibo at aktibong perspektiba; ito ay isang napakagandang perspektiba. Dapat nilang pagsumikapan na maging mas mahusay nang alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos, dapat silang manalig at umasa sa Diyos, at huwag maging negatibo, o sumuko sa gawain nila—ito ang isang solusyon. Magandang solusyon ba ito? (Oo.) Pero ito lang ba ang solusyon? (Hindi, hindi lang ito. Kung masyadong mahina ang kakayahan nila at hindi talaga nila kayang gumawa ng anumang aktuwal na gawain, puwede nila itong panagutan at puwede silang magbitiw sa kanilang posisyon.) Ito ay ang pangalawang solusyon. Kung sinubukan na nila dati, at pakiramdam nila ay hindi nila kayang gawin ang gawain ng pamumuno—ibig sabihin, kung napakahirap nito at masyadong nakakapagod para sa kanila, at lubha silang nababalisa tungkol dito at hindi sila makatulog nang maayos, at araw-araw ay para bang may bundok na nakadagan sa kanila na hindi na nila maiangat ang kanilang ulo o hindi na sila makahinga, at nararamdaman pa nila na mabigat ang kanilang mga binti kapag naglalakad sila—at pagkatapos makinig sa mga partikular na hinihinging ito, mas lalo nilang nararamdaman na napakahina ng kanilang kakayahan at na sadyang hindi nila kayang gawin ang gawain, ano ang dapat nilang gawin? May isang bagay silang magagawa, at iyon ay ang magbitiw kaagad. Kung hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, hindi sila dapat makaapekto

sa gawain ng sambahayan ng Diyos—ito ay ang katwiran na dapat nilang taglayin. Hindi nila dapat bulag na pilitin ang kanilang sarili nang lampas sa kanilang mga limitasyon, igiit na magtangkang gumawa ng isang bagay na lampas pa sa kanilang mga abilidad, o gumawa ng mga kahangalan. Ang mga taong umiiwas na gawin ang mga bagay na ito ang mga tanging nagtataglay ng katwiran. Ang mga taong may katwiran ay may kamalayan sa sarili; malinaw sa kanila ang sarili nilang kakayahan, at alam nila ang sarili nilang mga pagkukulang. Kapag malinaw sa mga tao ang sarili nilang kapasidad, saka lang nila tumpak na mauunawaan kung ano ang kaya nilang gawin, ano ang hindi nila kaya, at kung ano ang pinakaangkop nilang gawin. Bakit kailangang malaman ng mga tao ang sarili nilang kakayahan? Nakakatulong ito sa kanila na matiyak kung anong tungkulin ang dapat nilang gawin, at nakakatulong din ito sa kanila na magawa nang maayos ang tungkuling iyon. Kung nasuri mo na ang iyong sarili at nakita mo na ganito lang ang kakayahan mo at alam mong hindi mo kaya ang gawain ng pamumuno, hindi mo na kailangang suriing muli ang sarili mo at patunayan itong muli. Dapat kang magbitiw kaagad—huwag kang manatili sa posisyon mo at tumangging bumaba; huwag mong hayaang makaapekto ka at makapagsanhi ng mga pagkaantala sa ibang tao habang hindi ka nakakagampan ng partikular na gawain. Hindi ba't isang daan pasulong ang pagbibitiw? Nakalatag sa harap mo ang dalawang landas na ito, at maaari kang pumili ng isa; hindi ka kulang ng daan pasulong, at hindi lang iisa ang landas. Maaari kang gumawa ng mga praktikal at tumpak na paghusga tungkol sa aktuwal mong sitwasyon batay sa pagkaunawa mo sa sarili mo, at batay rin sa mga pagsusuri sa iyo ng mga kapatid sa paligid mo na nakakakilala sa iyo, at pagkatapos ay gumawa ng tamang pasya. Hindi ka pahihirapan ng sambahayan ng Diyos. Ano ang palagay mo rito? (Mabuti ito.) Sinasabi ng ilang tao, "Gusto kong subukan ulit at magsumikap na pagbutihin pa. Sa tingin ko kaya ko ito. Hindi ko lang talaga gaanong binigyang-pansin ang paghahangad sa katotohanan noong mga nagdaang taon na iyon, at matapos akong maging lider, hindi ko pa rin alam kung paano hanapin ang katotohanan at gumawa ako sa magulong paraan. Inakala ko noon na napakadali lang ng pagiging lider ng iglesia, na ang kailangan lang gawin ay mag-organisa ng mga tao para dumalo sa mga pagtitipon, mamuno sa pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, maagap na lumutas ng mga problema kapag may lumitaw, at kaagad na magpatupad ng anumang pagsasaayos mula sa ang Itaas, at doon na natatapos ang lahat. Hindi ko talaga inakala na, pagkatapos kong maging lider sa loob ng ilang panahon, matutuklasan ko na napakaraming problema ang hindi ko kayang lutasin, na kapag nagtatanong ang ang Itaas tungkol sa gawain, hindi ko alam kung paano sumagot, at na kapag nagbabanggit ang ilang hinirang na mga tao ng Diyos ng mga tunay na isyu, hindi ako makapagbigay ng sagot. Sa loob ng mga taon na ito na nananampalataya ang mga kapatid sa Diyos, lahat sila ay nakabasa na sa mga salita ng Diyos at madalas silang nakikinig sa mga sermon. Tiyak na nauunawaan nilang lahat ang ilang katotohanan at nagtataglay sila ng kaunting pagkilatis. Kung wala ang katotohanang realidad, talagang hindi ko sila madidiligan o matutustusan." Ngayon ay malinaw na hindi

ganoon kasimple na gampanan nang maayos ang anumang uri ng partikular na gawain sa sambahayan ng Diyos. Sa isang banda, kailangang magtaglay ng kakayahan ang mga tao, samantalang sa kabilang banda, kailangan nilang magdala ng pasanin, at umunawa rin sa katotohanan—ang lahat ng bagay na ito ay ganap na kinakailangan. Hindi maaari na hindi hangarin ng isang tao ang katotohanan o na maging isang taong kulang sa kakayahan, at hindi rin maaari na walang pagkatao at hindi magdala ng pasanin ang isang tao. Ang partikular na gawain ay nangangailangan ng partikular na pamamaraan, at hindi ito ganoon kasimple. Gayumpaman, may ilang tao na nananatiling hindi kumbinsido. Gusto pa rin nilang sumubok ulit, at humihiling sila na mabigyan ng isa pang pagkakataon—dapat bang bigyan ng isa pang pagkakataon ang ganitong mga tao? Kung ang kapabilidad nila sa gawain at ang kakayahan nila ay parehong katamtaman, pero kaya nilang gumampan ng partikular na gawain, at hindi sila pabaya at nakatuon sila sa paglutas ng mga problema para magkamit ng mga resulta sa kanilang gawain, at kaya nilang sundin at magpasakop sa anumang pagsasaayos na ginawa ng ang Itaas, at karaniwang ipatupad ang gawain alinsunod sa mga pagsasaayos ng gawain at mga hinihinging prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, at bagama't hindi nila ginawa nang maayos ang kanilang gawain noon dahil bata pa sila, hindi pa nila nauunawaan ang katotohanan, at mababaw pa ang pundasyon nila, sila ay mga tamang tao, dapat silang bigyan ng isa pang pagkakataon at patuloy na magsanay—huwag silang bulag na tanggalin. Hindi ganoon kadali ang maging lider o manggagawa, at hindi rin ganoon kadali ang maghalal ng isang lider o manggagawa. Ngayon, karamihan ng lider at manggagawa ay may kaunting pagkaunawa sa kanilang mga responsabilidad, at kahit papaano, medyo mas magiging mahusay na sila sa kanilang gawain kumpara sa dati—isa itong katunayan.

Ngayong natapos na Akong magbahagi tungkol sa mga katotohanang prinsipyong kaugnay sa ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa—tumpak na ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang iba't ibang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos alinsunod sa mga hinihingi nito, magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad sa mga ito—pawang masigla ang puso ninyo, at mayroon kayong landas ng pagsasagawa. Hindi lamang ninyo natutupad ang inyong tungkulin ngayon at hindi lamang kayo nagkakaroon ng buhay pagpasok, kundi dapat din kayong magkaroon ng kaunting kaalaman o pagkilatis sa mga lider at manggagawa, at kahit papaano, dapat nagtamo na kayo ng kalinawan at pagkaunawa sa mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa at ang gawaing dapat nilang gawin. Sa madaling salita, nakakatulong at nakakabuti sa bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos ang malaman kung gumagawa ba ng tunay na gawain ang mga lider at manggagawa o hindi, at sa ganitong paraan, ang pagkaunawa nila sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay hindi na magiging hungkag, kundi magiging mas kongkreto.

Abril 10, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (10)

Ikasiyam na Aytem: Tumpak na Ipagbigay-alam, Iatas, at Ipatupad ang Iba't Ibang mga Pagsasaayos ng Gawain ng Sambahayan ng Diyos Alinsunod sa mga Hinihingi Nito, Magbigay ng Patnubay, Pangangasiwa, at Panghihikayat, at Mag-inspeksiyon at Magsubaybay sa Estado ng Pagpapatupad sa mga Ito (Ikalawang Bahagi)

Magbigay ng Patnubay, Pangangasiwa, at Panghihikayat Para sa Pagpapatupad ng mga Pagsasaayos ng Gawain, at Mag-inspeksiyon at Magsubaybay sa Estado ng Pagpapatupad ng mga Ito

Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Tumpak na ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang iba't ibang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos alinsunod sa mga hinihingi nito, magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad sa mga ito." Noong nakaraan, pangunahin nating pinagbahaginan ang iba't ibang nilalaman at mga partikular na aytem sa mga pagsasaayos ng gawain na kinakailangang maunawaan ng mga tao, pati na ang mga pinakapangunahing responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Ngayon, partikular nating pagbabahaginan kung paano dapat magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat ang mga lider at manggagawa, at paano sila dapat mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain pagkatapos iatas ang mga ito. Paano dapat tratuhin ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain, at paano tumpak na ipatupad at isagawa ang mga pagsasaayos ng gawain alinsunod sa mga hinihingi ng ang Itaas at sa mga hakbang, sa sandaling maunawaan nila ang kahalagahan ng mga pagsasaayos ng gawain—ang mga ito ay mga katotohanang prinsipyo na kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa sa pamamagitan ng pagbabahaginan, at kailangan nilang maarok ang mga prinsipyong ito upang magampanan nang maayos ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia. Dapat malaman ng mga lider at manggagawa na ang pangunahing hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa mga naglilingkod sa papel na ito ay ang pangunahing gampanan ang kanilang gawaing nakasentro sa iba't ibang pagsasaayos ng gawain. Hindi ito para asikasuhin nila ang sarili nilang personal na proyekto o gumawa sila ng mga bagay alinsunod sa sarili nilang mga pagnanais, at lalong hindi ito para mangapa sila sa alinmang gawaing ginagawa nila. Siyempre, hindi rin ito para mag-imbento o lumikha sila ng kahit ano. Sa halip, ito ay para gumawa sila nang partikular at nang detalyado batay sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Paano ba dapat partikular na isagawa ang gawain? Ano ang mga kaugnay na detalye? Ang sagot

sa mga katanungang ito ay nasa mga hinihingi ng ikasiyam na responsabilidad: Bukod sa pagbibigay-alam, pag-aatas, at pagpapatupad ng iba't ibang pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, kailangan din ng mga lider at manggagawa na magbigay ng patnubay, pangangasiwa at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad ng mga ito. Ang mga ito ang mga partikular na landas ng pagsasagawa para maipatupad ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain. Susunod, isa-isa nating tatalakayin ang mga ito.

Pagkatapos iatas ang mga pagsasaayos ng gawain, kailangan munang pagnilayan at pagbahaginan ng mga lider at manggagawa ang iba't ibang hinihingi at prinsipyo na nakalahad dito. Pagkatapos, kailangan nilang maghanap ng mga landas at plano ng pagsasagawa para partikular na ipatupad ang gawain. Una, kailangan nilang malaman kung ano ang hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, kung anong partikular na gawain ang kailangang gawin, at kung ano ang mga kaugnay na prinsipyo, pati na kung sinong mga tao at aling aspekto ng gawain ang tinutukoy ng mga pagsasaayos ng gawain. Ito ang unang dapat gawin ng mga lider at manggagawa pagkatapos matanggap ang mga pagsasaayos ng gawain. Hindi nila dapat kaswal na sulyapan ang mga pagsasaayos ng gawain at pagkatapos ay basahin ang mga ito nang malakas para sa lahat, o ipasa ang mga ito at ipaalam sa lahat ang tungkol sa gawain, at pagkatapos ay iyon na iyon. Ito ay pagbibigay-alam at pag-aatas lang ng mga pagsasaayos ng gawain; hindi ito pagpapatupad sa mga ito. Ang unang partikular na gampanin sa kanilang pagpapatupad ay ang matutuhan ng mga lider at manggagawa ang partikular na nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain, ang mga hinihingi at layon ng Diyos para sa mga gawaing ito ng iglesia, at ang kahalagahan ng pagsasakatuparan ng gawaing ito, at pagkatapos ay ang bumuo ng mga partikular na plano ng pagsasagawa at pagpapatupad. Ito ang unang hakbang. Madali bang makamit ang unang hakbang? (Oo.) Basta't nakakaunawa ka ng mga nakasulat na salita at wika ng tao, madali mong makakamit ang unang hakbang. Siyempre, ang pagsasakatuparan sa unang hakbang ay nangangailangan din ng seryoso, taimtim, responsable, at metikulosong saloobin ng mga lider at manggagawa sa kanilang gawain, sa halip na maguluhan, maging pabasta-basta, o wala sa loob na gumagawa. Nabanggit man noon ang pagsasaayos ng gawain o hindi, madali man o medyo mahirap para sa mga tao na makamit ito, handa man ang mga tao na gawin ito o hindi, ano't anuman, hindi dapat magkaroon ng walang-ingat na saloobin ang mga lider at manggagawa tungkol sa gawain ng iglesia, nagsasalita lang ng mga doktrina, sumisigaw ng mga islogan, o gumagawa ng ilang mababaw na pagsisikap para harapin ito sa pabasta-bastang paraan. Ano ang saloobing dapat taglayin ng mga tao? Una, dapat silang magkaroon ng seryoso, taimtim, responsable, at metikulosong saloobin. Ang pagkakaroon ba ng ganitong saloobin ay nangangahulugan na maipapatupad nang maayos ng isang tao ang mga partikular na aytem sa mga pagsasaayos ng gawain? Hindi, ito ay ang saloobin lang na dapat taglayin ng isang tao kapag gumagawa ng anumang gawain; hindi nito mapapalitan ang aktuwal na pagpapatupad ng mga partikular na

gampanin. Sa sandaling magtaglay sila ng ganitong saloobin at maunawaan din nila ang partikular na nilalaman, mga hinihingi, at mga prinsipyo ng mga pagsasaayos ng gawain, ang susunod na hakbang para sa mga lider at manggagawa ay kung paano nila ipapatupad ang mga partikular na gampanin sa mga pagsasaayos ng gawain. Ano ang unang dapat gawin? Kailangan nilang gawin nang maayos ang gawain ng paghahanda; napakahalaga nito. Una, kailangan nilang tipunin ang mga lider, manggagawa, at superbisor para pagbahaginan ang mga partikular na prinsipyo ng pagsasagawa para sa mga gampaning ito. Pagkatapos, kailangan nilang bumuo ng mga partikular na pagsasaayos at plano. Kasabay nito, dapat silang maghanap ng mga suhestiyon o ideya ng hinirang na mga tao ng Diyos tungkol sa mga planong ito. Dapat maghanap at magbahaginan ang lahat nang sama-sama hanggang sa maunawaan at maging malinaw ang lahat ng mga hinihingi at prinsipyo na inilalahad sa mga pagsasaayos ng gawain, at hanggang sa malaman na ng lahat kung paano ipatupad ang mga pagsasaayos na ito ng gawain at kung paano magsagawa—saka maituturing na kompleto na ang paunang hakbang ng pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain. Kaya, kapag marunong na ang lahat kung paano ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, nangangahulugan ba ito na kompleto na ang gampanin ng pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain? Hindi. Ang ilang detalyadong isyu at espesyal na sitwasyon ay hindi binabanggit sa mga pagsasaayos ng gawain, pero ang mga ito ay mga problema na talagang kailangang solusyunan. Habang nagbabahaginan tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain, kailangang tuklasin ng mga lider at manggagawa ang mga espesyal na sitwasyong ito, ang mga isyung ito na dapat lutasin, at hanapin ang katotohanan para lubusang solusyunan ang mga ito, at kasabay nito, dapat din silang bumuo ng mga partikular na plano ng pagpapatupad para sa mga ito. Sa ganitong paraan, kapag ipinapatupad ng mga lider at manggagawa sa iba't ibang antas ang mga pagsasaayos ng gawain, malalaman nila kung aling mga prinsipyo ang susundin at aling mga problema ang sosolusyunan. Ito ang pinakamababang pang-unawa at saloobin na dapat taglayin ng mga lider at manggagawa tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain. Ang gampaning ito ay maituturing na panimulang hakbang para matutuhan ng mga lider at manggagawa kung paano gumawa ng gawain ng iglesia. Sa pamamagitan ng paghahanap, pagbabahaginan, pagbibigay ng patnubay, at paggawa ng mga pagsasaayos, natututo silang tratuhin at pangasiwaan ang ilang aktuwal na suliranin at espesyal na sitwasyon nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Saka lang nila tunay na maipapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain.

I. Pagbibigay ng Patnubay

Kapag nagbibigay ng paunang patnubay para sa isang gampanin, bukod sa pag-aalok ng mga partikular na plano ng pagpapatupad para sa mga espesyal na sitwasyon, dapat bigyan ng mas partikular at detalyadong patnubay ang mga lider at manggagawa na may katamtamang kakayahan at medyo mahinang kapabilidad sa gawain. Bagama't

ang mga taong ito ay maaaring nauunawaan ang mga prinsipyo at mga partikular na plano ng pagpapatupad para sa isang gampanin batay sa doktrina, hindi pa rin nila alam kung paano isagawa ang mga ito pagdating sa aktuwal na pagpapatupad. Paano mo dapat tratuhin ang ilang lider at manggagawa na may mahinang kakayahan at walang kapabilidad sa gawain? Sinasabi ng ilang tao, “Kung ang isang taong may mahinang kakayahan ay hindi kayang gawin ang gawain, bakit hindi na lang maghanap ng ibang tao na may mas mahusay na kakayahan para palitan siya?” Narito ang suliranin: Hindi makahanap ang ilang iglesia ng sinumang mas mahusay. Sa mga iglesiang iyon, halos pareho lang ang tagal ng pananampalataya ng lahat at tinatayang magkakapareho lang ang tayog nila; sa partikular, katamtaman lang ang kakayahan at kapabilidad sa gawain ng bawat isa. Para makahanap ng isang taong mas mahusay, kakailanganin mong maglipat ng mga tao mula sa ibang iglesia, pero hindi iyon gaanong madaling gawin doon, at walang sinumang tunay na angkop na mga kandidato. Ang magagawa mo lang ay pumili ng mga medyo angkop na kandidato mula sa lokal na iglesia. Kung hindi nakakatugon sa mga hinihinging pamantayan ang kanilang gawain, ano ang dapat gawin sa gayong mga sitwasyon? Dapat partikular mong sabihin sa kanila kung paano gawin ang gawain, at kung paano ito ipatupad. Dapat mong sabihin sa kanila kung sino ang dapat italaga at gawing responsable sa gampaning ito, at kung sinong mga tao ang dapat piliin para sama-samang makipagtulungan dito. Ipaliwanag ang lahat ng detalyeng ito sa kanila at hayaan silang isagawa ito. Bakit ito dapat gawin sa ganitong paraan? Dahil ang mga miyembro ng lokal na iglesia ay karaniwang may mababaw lang na karanasan at walang kapabilidad sa gawain, kaya’t imposibleng makapili ng mga angkop na lider at manggagawa. Tanging sa paggawa sa ganitong paraan maipapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Kung hindi ka gumagawa sa ganitong paraan at ang pagturing mo sa mga taong ito ay pareho ng pagturing mo sa ibang lider at manggagawa, sinasabi lang sa kanila ang mga partikular na prinsipyo at plano, at walang pili-pili, hindi maipapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Kung hindi mo ito bibigyang-pansin, hindi ba’t pagpapabaya iyon sa responsabilidad? (Oo.) Ito ay isang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Sinasabi ng ilang lider at manggagawa, “Marunong naman ang iba kung paano ipatupad at isagawa ang mga pagsasaayos ng gawain; bakit hindi marunong ang taong ito? Kung hindi siya marunong, hindi ko na siya iintindihin. Hindi ko responsabilidad ito. Ano’t anuman, nagawa ko na ang aking parte.” Lohikal ba ang ganitong pangangatwiran? (Hindi.) Halimbawa, sabihin nating may tatlong anak ang isang ina, at mahina ang isa sa kanila, palaging nagkakasakit, at ayaw kumain. Kung hahayaan ng ina na hindi kumain ang batang ito, maaaring hindi ito magtagal. Ano ang dapat niyang gawin? Bilang ina, kailangan niyang bigyan ng espesyal na pag-aaruga ang mahina niyang anak. Ipagpalagay na sasabihin ng ina, “Sapat nang tinatrato ko nang pantay-pantay ang mga anak ko. Isinilang ko ang batang ito at naghanda ako ng pagkain para sa kanya. Natupad ko na ang responsabilidad ko. Wala akong pakialam kung kakain siya o hindi. Kung ayaw niyang kumain, hayaan siyang magutom, at kapag

talagang gutom na siya, kakain din siya.” Ano ang tingin mo sa ganitong uri ng ina? (Iresponsable siya.) Mayroon bang mga ina na gaya nito? Tanging ang isang babaeng mahina ang isip o isang madrasta ang magiging ganoon. Kung siya ang tunay na ina at hindi mahina ang isip niya, hinding-hindi niya tatratuhin nang ganito ang sarili niyang anak, tama ba? (Tama.) Kung mahina ang isang bata, palaging nagkakasakit, at ayaw kumain, kailangan magbigay ng mas higit na pag-aaruga at pagsisikap ang kanyang ina. Kailangan ng ina na maghanap ng mga paraan para mapakain ang bata, kailangan niyang magluto ng anumang gustong kainin ng bata, maghanda ng mga espesyal na pagkain para dito, at kapag ayaw kumain ng bata, kailangan niyang suyuin ito. Kapag umabot na ang bata sa edad na labingwalo o labinsiyam at malusog ang katawan niya katulad ng isang normal na taong nasa hustong gulang na, makapagpapahinga na ang ina at maaari nang bumitaw, at hindi na niya kailangang bigyan ng espesyal na pag-aaruga ang batang ito. Kung kaya ng isang ina na tratuhin nang ganito ang anak na may mga espesyal na kondisyon at tuparin ang kanyang responsabilidad, paano naman ang isang lider o manggagawa? Kung wala ka man lang pagmamahal ng isang ina para sa mga kapatid, sadyang ikaw ay iresponsable. Kailangan mong tuparin ang mga responsabilidad na dapat mong tuparin; kailangan mong isaalang-alang ang mga iglesia kung saan ang mga namamahala ay medyo mahina at may medyo mababang kapabilidad sa gawain. Kailangang magbigay ng espesyal na atensiyon at patnubay ang mga lider at manggagawa sa ganitong mga usapin. Ano ang tinutukoy ng espesyal na patnubay? Bukod sa pagbabahaginan sa katotohanan, kailangan mo ring magbigay ng mas partikular at detalyadong direksiyon at tulong, na nangangailangan ng mas higit na pagsisikap pagdating sa komunikasyon. Kung ipapaliwanag mo sa kanila ang gawain at hindi pa rin sila nakauunawa, at hindi nila alam kung paano ito ipatupad, o kahit pa nauunawaan nila ito batay sa doktrina at tila alam nila kung paano ito ipatupad, pero hindi ka pa rin sigurado at medyo nag-aalala ka kung ano ang magiging takbo ng aktuwal na pagpapatupad—ano ang dapat mong gawin? Kailangan mong personal na makipag-ugnayan sa lokal na iglesia para patnubayan sila at ipatupad ang gampanin kasama nila. Sabihin sa kanila ang mga prinsipyo habang gumagawa ng mga partikular na pagsasaayos tungkol sa mga gampaning kailangang gawin ayon sa mga hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, tulad ng kung ano ang unang gagawin at ano ang susunod na gagawin, at kung paano maayos na magtalaga ng mga tao—maayos na i-organisa ang lahat ng bagay na ito. Ito ay praktikal na pagpatnubay sa kanila sa kanilang gawain, salungat sa basta lang na pagsigaw ng mga islogan o pagbibigay ng kung ano-anong utos, at pangangaral sa kanila ng ilang doktrina, at pagkatapos ay itinuturing mong tapos na ang iyong gawain—hindi iyon pagpapamalas ng paggawa ng partikular na gawain, at ang pagsigaw ng mga islogan at pag-uutos-utos sa mga tao ay hindi mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kapag kaya nang pasanin ng mga lider o superbisor ng lokal na iglesia ang gawain, at nakapasok na sa tamang landas ang gawain, at wala nang malalaking isyu, saka pa lang maaaring umalis ang lider

o manggagawa. Ito ang unang partikular na gampanin na binanggit sa ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain—ang pagbibigay ng patnubay. Kaya, paano mismo dapat magbigay ng patnubay? Ang mga lider at manggagawa ay dapat munang magsanay na magnilay-nilay at magbahaginan tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain, at matutuhan at maarok ang iba't ibang partikular na hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, at maunawaan at maarok ang mga prinsipyo sa loob ng mga pagsasaayos ng gawain. Pagkatapos, dapat sama-sama silang makipagbahaginan sa mga lider at manggagawa sa lahat ng antas tungkol sa mga partikular na plano ng pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain. Dagdag pa rito, dapat silang magbigay ng mga partikular na plano ng pagpapatupad para sa mga espesyal na sitwasyon at, sa huli, dapat silang magbigay ng mas detalyado at partikular na tulong at direksiyon sa mga lider at manggagawa na medyo mahina at medyo may mahinang kakayahan. Kung ganap na hindi maipatupad ng ilang lider at manggagawa ang gampanin, ano ang dapat gawin sa gayong mga sitwasyon? Ang mga nakatataas na lider at manggagawa ay dapat makipag-ugnayan sa iglesia at personal na lumahok sa gampanin, nilulutas ang mga aktuwal na isyu sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa katotohanan, at turuan sila kung paano gawin ang gawain at kung paano ipatupad ang gawain ayon sa mga prinsipyo. Malinaw na ipinahayag sa mga salita ang mga hakbang na ito, pero madali bang ipatupad ang mga ito? Mayroon bang mga kaugnay na suliranin? Maaaring sabihin ng ilan, "Pinalalabas mong simple lang ito, pero hindi ganoon kadali ang pagpapatupad nito. Minsan, napakakomplikado ng mga pagsasaayos ng gawain, at walang nakaaalam kung paano ipatupad ang mga ito!" Kahit ang unang gampanin—ang pakikipagbahaginan sa mga partikular na hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain at pagbibigay ng patnubay sa isang praktikal na paraan—ay sobrang nakapapagod para sa ilang lider at manggagawa. Sinasabi nila, "Hindi ko pa kailanman nagawa ang mga partikular na gampaning ito, kaya hindi ko alam kung paano makipagbahaginan at magbigay ng patnubay tungkol sa mga ito. Dapat sundin na lang nila ang mga eksaktong salita ng mga pagsasaayos ng gawain—ano pa ba ang kailangang pagbahaginan? Hindi ba't pormalidad lang iyon?" Hindi sila marunong makipagbahaginan; marunong lang silang sumigaw ng mga islogan: "Kailangan nating ipatupad nang maayos ang gawaing ito! Ito ang hinihingi ng Diyos sa atin. Talagang kailangan nating manindigan, tugunan ang mga hinihingi ng Diyos, at huwag biguin ang mga ekspektasyon ng Diyos sa atin. Tungkol naman sa kung paano ito gagawin, dapat alamin ninyo ito nang kayo-kayo lang." Ano ang problema sa mga taong nagsasabi ng ganitong mga bagay? Kaya ba nilang gawin ang gawain? May kapabilidad ba sila sa gawain? Mahina ba ang kakayahan nila? (Oo, mahina ito.)

Anuman ang mangyari, malaki o maliit man na bagay ito, dapat kayong magdasal at maghanap mula sa Diyos, at maingat at masinsinang mag-isip at magsaalang-alang, bago gumawa ng paghusga. Kung ang isang tao ay walang normal na pag-iisip, mas lalong mahalaga para sa kanya na magdasal sa Diyos, hingin ang tulong ng Diyos, at

higit na maghanap sa mga taong nakauunawa sa katotohanan. Dagdag pa rito, para sa malalaking usapin sa gawain ng iglesia at sa malalaking usaping nararanasan habang ginagawa ang mga tungkulin, kailangan ninyong makipagbahaginan at makipagtalakayan sa mga kaugnay na tauhan para magkaroon ng kasunduan at sa huli ay makabuo ng isang partikular at praktikal na plano ng pagsasagawa. Ang planong ito ay dapat isang napagkasunduan na nakamit mula sa maingat na pagsasaalang-alang at pagsangguni, at dapat itong matibay sa harap ng mga lider at manggagawa sa anumang antas. Ang mga taong kayang bumuo ng mga partikular na plano ng pagsasagawa na matibay ay itinuturing na may normal na pag-iisip. Kung walang kongkreto sa iniisip ng isang tao, kapag nahaharap sa mga isyu, maliit man o malaki, at hindi siya makaisip ng mga partikular na prinsipyo ng pagsasagawa, at gumagamit lang siya ng mga simpleng teoretikal na islogan bilang kapalit ng mga prinsipyo sa pagharap ng mga problema, kaya ba niyang gawin nang maayos ang kanyang gawain? Ang gayong tao ba ay may abilidad na mag-isip at abilidad na pag-isipang mabuti ang mga bagay-bagay? (Wala.) Anong uri ng tao ang walang abilidad na mag-isip? (Isang taong may mahinang kakayahan.) Ito ang ibig sabihin ng pagiging isang taong may mahinang kakayahan. Halimbawa, ipagpalagay na naninirahan ka sa ibang bansa, at isang araw ay bigla kang nakatanggap ng mga patawag ng korte. Hindi ba't hindi ito inaasahan at biglaan lang? Una sa lahat, wala kang ginawang anumang ilegal. Pangalawa, wala kang isinampang kaso, at wala ka ring narinig na sinumang nang-aakusa sa iyo ng anumang bagay. Natanggap mo ang mga patawag nang hindi nalalaman ang mga sitwasyong nakapalibot dito. Ano ang unang mararamdaman ng isang karaniwang tao kapag nahaharap sa gayong sitwasyon? Ang masangkot sa mga legal na usapin ay magdudulot sa kanya ng kaunting taranta, pag-aalala, at pangamba; mararamdaman niya na parang nabigla siya at wala talaga siyang ganang kumain. Mahalaga man o hindi ang isang tao, matapang o matatakutin, nasa hustong gulang man o menor de edad, walang sinuman ang gustong makaranas ng gayong sitwasyon dahil hindi ito magandang bagay. Kapag nahaharap sa ganitong sitwasyon, may dalawang magkaibang reaksiyon ang mga tao. Iniisip ng unang uri ng tao, "Wala akong ginawang ilegal, hindi rin ako lumabag sa anumang regulasyon ng gobyerno. Ano ang dapat kong ikatakot? Ito ay isang lipunang pinamamahalaan ng batas, kung saan ang lahat ay nakabatay sa ebidensiya. Dahil wala akong anumang ginawang masama, wala silang magiging ebidensiya laban sa akin kung sakaling kasuhan nga nila ako. Wala akong dapat ikatakot. Ano ba ang magagawa ng isang patawag? Ang isang taong matuwid ay hindi kailangang matakot sa mga akusasyon. Kukuha ako ng abogado para ipagtanggol ako; walang magiging problema." Matapos itong pag-isipang mabuti, wala na siyang nararamdamang bigat sa puso niya, at nananatiling hindi apektado ang kanyang pang-araw-araw na buhay. Ito ang reaksiyon ng isang uri ng tao. Ngayon, tingnan natin ang reaksiyon ng pangalawang uri ng tao. Pagkatapos matanggap ang mga patawag, iniisip ng taong ito, "Wala akong nilabag na batas, at wala rin akong nagawang krimen, kaya, tungkol saan kaya ito?

Maaari kayang ito ay dahil nananampalataya ako sa Diyos? Hindi naman ilegal ang manampalataya sa Diyos. Posible kayang may sadyang nagdiin at nagsumbong sa akin? Mas malamang na ganoon nga. Pero maaari kayang ibang bagay ito? Kailangan kong kumonsulta sa isang abogado at papuntahin siya sa korte para alamin kung bakit ako nakatanggap ng mga patawag at kung sino ang nagdemanda laban sa akin. Kailangan kong alamin ang puno't dulo nito bago ako magpasya ng magiging kontra-hakbang. Kung sasabihin ng abogado na may kinalaman ito sa pananampalataya ko sa Diyos, kailangan kong maghanap agad ng mga tao para bumuo ng kontra-hakbang at magmadali ring itago ang anumang libro o ibang bagay na may kaugnayan sa pananalig ko para hindi makahanap ang kaaway ng bagay na magagamit laban sa akin." Pagkatapos ng mga inisyal na kaisipang ito, bagama't wala pa siyang mga tiyak na kongklusyon o mga tumpak na paghusga tungkol sa pagkakatanggap ng mga patawag, mayroon na siyang malinaw na ideya sa partikular na plano ng mga pagsasagawa: ano ang gagawin sa Plano A, ano ang gagawin sa Plano B, at kung hindi maisasagawa ang parehong plano, ano ang susunod niyang gagawin. Masusi at maingat niyang isinasaalang-alang ang bawat hakbang; una niyang pinapakalma ang kanyang isipan at agad siyang nagdarasal sa kanyang puso, at pagkatapos, kapag mahinahon na siya, agad niyang inaasikaso ang bagay na ito. Sa loob ng isang araw, naunawaan na niya ang lahat ng bagay na ito at alam na niya kung paano magpapatuloy. Anuman ang kalalabasan ng bagay na ito sa huli, tingnan muna natin ang dalawang klase ng mga tao. Sino ang may abilidad na pag-isipang mabuti ang mga problema? Sino ang may kakayahan? (Ang pangalawang tao.) Maliwanag na ang pangalawang tao ang may kakayahan. Ang pagkakaroon lang ng tapang at kapasyahan kapag nahaharap sa isang sitwasyon ay hindi katumbas ng pagkakaroon ng kakayahan. Ang isang tao ay kailangang may kakayahang mag-isip, magtaglay ng pagkakilatis, at may abilidad na mangasiwa ng mga problema. Sa proseso ng pag-iisip, kailangang makagawa siya ng mga partikular na paghusga at makabuo ng mga partikular na plano ng operasyon. Ang ganitong uri lang ng tao ang may kakayahan. Sa panlabas, maaaring mukha siyang napakamatatakutin, kumikilos nang mapagbantay at maingat kahit sa maliliit na bagay, at tinatrato niyang mahalaga ang maliliit na bagay. Gayumpaman, ang sistema at paraan ng pangangasiwa niya sa mga problema ay nagpapatunay na ang taong ito ay may abilidad na mag-isip at abilidad na pag-isipang mabuti at pangasiwaan ang mga problema. Sa kabaligtaran, ang unang klase ng tao ay napakatapang at walang kinatatakutan. Kapag nahaharap siya sa isang sitwasyon, iniisip lang niya, "Wala naman akong ginawang masama. Anuman ang maging problema, palaging mayroong mas mahusay na tao na mag-aayos nito. Ano ang dapat kong ikatakot?" Wala siyang inaalala at namumuhay siya nang magaan, pero hindi ba't medyo hangal ang pagkamatapang niya at mahina ang isip niya? Ang ganitong klase ng tao ay malakas na sumisigaw ng mga islogan, at hindi naman mali ang sinasabi niya, pero ano ang wala sa kanya? (Wala siyang normal na pag-iisip at wala siyang abilidad na pag-isipang mabuti ang mga

problema.) Saan naipamamalas ang kanyang kawalan ng normal na pag-iisip? Kapag nahaharap sa isang sitwasyon, ito man ay isang bagay na biglaang nangyari o isang bagay na alam na niya, hindi niya kayang pag-isipan ito nang mabuti o gumawa ng paghusga, kaya natural, wala siyang plano para pangasiwaan ang problema o abilidad para lutasin ito. Napakalinaw nito. Sa panlabas, mukhang magaling magsalita ang ganitong klase ng tao at kaya niyang magsalita ng mga doktrina, at kaya rin niyang magpalakas ng loob; tila may kakayahan siya na maging lider. Gayumpaman, kapag nahaharap sa mga problema, hindi niya makilatis ang diwa ng mga problema at hindi niya kayang makipagbahaginan sa katotohanan para lutasin ang mga ito. Ang kaya lang niyang gawin ay magsabi ng ilang salita at doktrina at sumigaw ng mga islogan. Sa panlabas, mukha siyang matalas, pero kapag nahaharap sa mga problema, hindi niya kayang suriin o husgahan ang mga sanhi ng mga problema, at hindi rin niya kayang suriin ang malulubhang kahihinatnan na mangyayari kung patuloy na mabubuo ang mga problema. Hindi niya kayang ayusin ang mga bagay na ito sa kanyang isipan, lalo na ang lutasin ang mga problema. Ang gayong tao ay mukhang magaling magsalita, pero ang totoo, mahina ang kakayahan niya at hindi niya kayang gumawa ng tunay na gawain. Gayundin, kung pagkatanggap sa isang pagsasaayos ng gawain ay kaya lang itong basahin at literal na ipaliwanag ng mga lider at manggagawa, at bagama't maaaring iatas nila ang pagsasaayos ng gawain at pagbahaginan ang mga pangunahing punto nito sa mga pagtitipon, hindi nila alam kung paano gumawa ng mga partikular na pagsasaayos at magbigay ng partikular na patnubay para sa mga partikular na hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, mga prinsipyo, mga usaping nangangailangan ng atensiyon, mga espesyal na sitwasyon, at iba pa, at wala silang mga plano, walang mga ideya, at walang abilidad na lumutas ng mga problema, kung gayon, mahina ang kakayahan nila. Kapag nagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain, ang unang gampaning kailangang gampanan ng mga lider at manggagawa—ang pagbibigay ng patnubay—ay hindi madali o simple. Ang unang gampaning ito ay sumusubok kung ang isang lider o manggagawa ay may kakayahan at kapabilidad sa gawain na dapat nilang taglayin. Kung ang mga lider at manggagawa ay wala nitong kakayahan at kapabilidad sa gawain, hindi sila makapagbibigay ng partikular na patnubay para sa mga pagsasaayos ng gawain o makapagpapatupad sa mga ito.

II. Pagbibigay ng Pangangasiwa at Panghihikayat

Susunod, magbahaginan tayo tungkol sa gampanin ng "pangangasiwa." Kung pagbabatayan ang literal na kahulugan, ang kahulugan ng pangangasiwa ay pag-iinspeksiyon: sinusuri kung aling mga iglesia ang nagpatupad ng mga pagsasaayos ng gawain at alin ang mga hindi, ang pag-usad ng pagpapatupad, kung sinong mga lider at manggagawa ang gumagawa ng tunay na gawain at kung sino ang mga hindi, at kung may mga lider o manggagawa na basta na lang ipinapasa ang mga pagsasaayos ng gawain nang hindi nakikilahok sa mga partikular na gampanin. Ang pangangasiwa ay

isang partikular na gampanin. Bukod sa pangangasiwa sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain—kung naipatupad ba ang mga ito, ang bilis ng pagpapatupad, ang kalidad ng pagpapatupad, at ang mga nakamit na resulta—dapat suriin ng mas nakatataas na mga lider at manggagawa kung mahigpit bang sinusunod ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain. Sa panlabas, sinasabi ng ilang lider at manggagawa na handa silang sundin ang mga pagsasaayos ng gawain, pero pagkatapos maharap sa isang partikular na kapaligiran, natatakot silang maaresto at nakatuon na lang sa pagtatago, matagal na nilang isinantabi sa isip nila ang mga pagsasaayos ng gawain; hindi nalulutas ang mga problema ng mga kapatid, at hindi nila alam kung ano ang tinutukoy ng mga pagsasaayos ng gawain o kung ano ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Ipinapakita nito na talagang hindi naipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Ang ibang lider at manggagawa ay may mga opinyon, mga kuru-kuro, at paglaban sa ilan sa mga hinihingi sa mga pagsasaayos ng gawain. Kapag oras na para ipatupad ang mga ito, lumilihis sila mula sa tunay na kahulugan ng mga pagsasaayos ng gawain, ginagawa nila ang mga bagay ayon sa sarili nilang mga ideya, iniraraos lang ang gawain at padalos-dalos na ginagawa ang mga bagay-bagay para lang matapos na sila sa mga ito, o tinatahak nila ang sarili nilang landas, ginagawa ang mga bagay sa anumang paraang gusto nila. Ang lahat ng gayong sitwasyon ay nangangailangan ng pangangasiwa ng mga mas nakatataas na lider at manggagawa. Ang layunin ng pangangasiwa ay upang mas mahusay na maipatupad ang mga partikular na gampaning hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain nang walang paglihis at nang alinsunod sa mga prinsipyo. Habang isinasagawa ang pangangasiwa, kailangang lubos na bigyang-diin ng mga mas nakatataas na lider at manggagawa ang pagtukoy kung mayroon bang sinuman na hindi gumagawa ng tunay na gawain o iresponsable at mabagal sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain; kung may sinumang nagpapakita ng paglaban patungkol sa mga pagsasaayos ng gawain at hindi handang ipatupad ang mga ito o pumipili lamang ng mga ipinapatupad mula sa mga ito, o sadyang hindi sumusunod sa mga pagsasaayos ng gawain kahit kaunti at sa halip ay nagsasagawa lang ng sarili niyang mga proyekto; kung sinasarili ng sinuman ang mga pagsasaayos ng gawain, at ipinapaalam lamang ang mga ito ayon sa sarili niyang mga ideya, hindi hinahayaan ang hinirang na mga tao ng Diyos na malaman ang tunay na kahulugan at mga partikular na hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain—sa pamamagitan lamang ng pangangasiwa at pag-iinspeksiyon sa mga isyung ito maaaring malaman ng mga mas nakatataas na lider kung ano talaga ang nangyayari. Kung hindi nagsasagawa ng pangangasiwa at inspeksiyon ang mga mas nakatataas na lider, matutukoy ba ang mga problemang ito? (Hindi.) Hindi matutukoy ang mga ito. Samakatwid, bukod sa dapat ipagbigay-alam ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain at magbigay ng patnubay sa bawat antas, dapat din nilang pangasiwaan ang gawain sa bawat antas kapag ipinatutupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Dapat pangasiwaan ng mga lider ng rehiyon ang gawain ng mga lider ng distrito,

dapat pangasiwaan ng mga lider ng distrito ang gawain ng mga lider ng iglesia, at dapat pangasiwaan ng mga lider ng iglesia ang gawain ng bawat grupo. Ang pangangasiwa ay dapat isagawa sa bawat antas. Ano ang layunin ng pangangasiwa? Ito ay para mapadali ang tumpak na pagpapatupad ng nilalaman ng mga pagsasaayos ng gawain ayon sa mga partikular na hinihingi ng mga ito. Kaya naman, napakahalaga ng gampanin ng pangangasiwa. Kapag nagsasagawa ng pangangasiwa, kung pinahihintulutan ng kapaligiran, dapat makipag-ugnayan ang mga lider at manggagawa sa mga iglesia upang makisalamuha sa mga gumagawa ng aktuwal na gawain. Dapat silang magtanong, mag-obserba, mag-usisa, alamin, at arukin ang sitwasyon ng pagpapatupad sa gawain. Kasabay nito, dapat nilang malaman kung ano ang mga suliranin at saloobin ng mga kapatid kaugnay sa gawaing ito at kung naarok ba ng mga kapatid ang mga prinsipyo ng gawaing ito. Ang mga ito ay pawang mga partikular na gampanin na kailangang gampanan ng mga lider at manggagawa. Lalo na para sa mga medyo may mahinang kakayahan at pagkatao, na medyo iresponsable, hindi tapat, at medyo tamad sa kanilang gawain, kailangang mas higit na pangasiwaan at gabayan ng mga lider at manggagawa ang gawain ng mga ito. Paano dapat gawin ang pangangasiwa at paggabay? Ipagpalagay nang sasabihin mo, “Bilisan ninyo! Naghihintay ang ang Itaas sa ulat ng ating gawain. May takdang oras ang gawaing ito; huwag ninyo itong patagalin!” Gagana ba ang ganitong paraan ng panghihikayat sa kanila? Ang panghihikayat ba ay nangangahulugan ng pagtulak lang sa kanila nang kaunti, at iyon na iyon? Ano ang mas mabuting paraan ng panghihikayat? Kapag gumagawa kayo, isinasama ba ninyo ang panghihikayat bilang parte ng inyong mga gampanin? (Oo. Kung nakikita kong may ilang gampanin na hindi kaagad natatapos, sinusubukan kong unawain kung bakit hindi nila ginagawa ang mga ito at sinusubaybayan ko ang kanilang gawain.) Kung may nakikita kayong isang tao na hindi marunong gawin ang gawain, dapat kayong magbigay ng partikular na patnubay at tulong, at bigyan siya ng gabay. Kung may nakikita kayong isang tao na nagpapakatamad, dapat ninyo siyang pungusan. Kung marunong siyang gumawa ng gawain pero masyado siyang tamad na gawin ito, mabagal at nagpapaliban, at nagpapakasasa sa kaginhawahan ng laman, dapat siyang pungusan kung kinakailangan. Kung hindi nalulutas ng pagpupungos ang isyu at hindi nagbabago ang kanyang saloobin, ano ang dapat gawin? (Huwag siyang hayaan na gawin ang gawaing ito.) Una, bigyan siya ng babala: “Napakahalaga ng gawaing ito. Kung patuloy mo itong tatratuhin nang may gayong saloobin, aalisin sa iyo ang tungkulin mo at ibibigay ito sa iba. Kung ayaw mo itong gawin, may ibang handang gumawa nito. Hindi ka tapat sa tungkulin mo; hindi ka angkop para sa gawaing ito. Kung hindi mo kaya ang gampaning ito at hindi mo kayang magtiis ng paghihirap ng katawan, maaari kang palitan ng sambahayan ng Diyos, at maaari ka ring magbitiw. Kung hindi ka magbibitiw at handa ka pa ring gawin ito, gawin mo ito nang maayos, at gawin mo ito nang ayon sa mga hinihingi at prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Kung hindi mo ito makakamit at paulit-ulit mong inaantala ang pag-usad, na nagdudulot ng mga kawalan

sa gawain, kung gayon, haharapin ka ng sambahayan ng Diyos. Kung hindi mo kayang tuparin ang tungkuling ito, paumanhin, pero kailangan mong umalis!" Kung pagkatapos ng babala ay handang magsisi ang taong ito, maaari siyang panatilihin. Pero kung pagkatapos ng paulit-ulit na babala ay hindi pa rin nagbabago ang kanyang saloobin at wala siyang ipinapakitang anumang bahid ng pagsisisi, ano ang dapat gawin? Dapat siyang tanggalin kaagad—hindi ba't malulutas niyon ang problema? Hindi sa hinuhusgahan natin ang mga tao dahil sa maliliit na pagkakamali o maliliit na isyu kapag nakikita natin ang sinumang mayroon ng mga ito; sa halip, binibigyan natin ang mga tao ng mga pagkakataon. Kung handa silang magsisi at nagbago sila, nagiging mas mabuti kaysa dati, panatilihin sila kung maaari. Kung hindi umuubra ang paulit-ulit na pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon, pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, pagpupungos, at pagbibigay ng babala, at hindi epektibo ang tulong ng sinuman, kung gayon, hindi ito isang ordinaryong isyu: Masyadong mahina ang pagkatao ng taong ito, at hindi niya tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Sa gayong kaso, hindi siya angkop para sa tungkuling ito at dapat siyang itaboy. Hindi siya angkop na gumawa ng tungkulin. Ganito dapat pangasiwaan ang usapin.

Kapag nangangasiwa sa gawain ng iglesia, hindi lamang dapat mahusay ang mga lider at manggagawa sa pagtukoy ng iba't ibang problema, kundi dapat din nilang bigyan ng espesyal na atensiyon ang ilang lider ng iglesia na bumabagabag sa kanila o sa tingin nila ay hindi maaasahan. Ang mga taong ito ay kailangang pangasiwaan at subaybayan sa loob ng mahabang panahon; hindi maaaring paminsan-minsan mo lang silang tanungin tungkol sa sitwasyon o isantabi ang isyu gamit ang ilang salita at isipin na tapos na iyon. Minsan, kinakailangang manatili sa mismong lugar para pangasiwaan ang kanilang gawain. Ano ang layunin ng pananatili sa aktuwal na lugar? Ito ay para mas mabilis na matuklasan at malutas ang mga problema at maisagawa nang maayos ang gawain. Minsan, hindi mo agad matutuklasan ang mga problema pagkarating mo sa lugar ng gawain. Sa halip, sa pamamagitan ng detalyadong pag-unawa, pag-iinspeksiyon sa gawain, at maingat na obserbasyon, unti-unting lumilitaw at natutuklasan ang mga problema. Ang pananatili sa aktuwal na lugar para magsagawa ng pangangasiwa ay hindi tungkol sa pagsusubaybay o pagbabantay sa mga tao. Ano ang ibig sabihin ng pangangasiwa? Ang pangangasiwa ay kinapapalooban ng pag-iinspeksiyon at pagbibigay ng gabay. Ang ibig sabihin nito ay partikular na pagtatanong tungkol sa gawain nang detalyado, pagkatuto at pag-arok sa pag-usad ng gawain at mga kahinaan sa gawain, pagkaunawa sa kung sino ang responsable sa kanilang gawain at sino ang hindi, at kung sino ang may kakayahan o walang kakayahan na gampanan ang gawain, bukod pa sa ibang bagay. Minsan, ang pangangasiwa ay nangangailangan ng pagkonsulta, pag-unawa, at pag-usisa tungkol sa sitwasyon. Minsan, kailangan nito ng harap-harapang pagtatanong o direktang pag-iinspeksiyon. Siyempre, mas madalas itong kinapapalooban ng direktang pakikipagbahaginan sa mga taong nangangasiwa, nagtatanong tungkol sa pagpapatupad ng gawain, sa mga suliranin at problemang

kinakaharap, at iba pa. Habang nagsasagawa ng pangangasiwa, matutuklasan mo kung sinong mga tao ang nagsusumikap lang sa kanilang gawain sa panlabas at paimbabaw lang na gumagawa ng mga bagay-bagay, kung sinong mga tao ang hindi marunong magpatupad ng mga partikular na gampanin, kung sinong mga tao ang marunong magpatupad ng mga ito pero hindi gumagawa ng tunay na gawain, at iba pang gayong mga isyu. Kung maagap na malulutas ang mga natuklasang problemang ito, iyon ang pinakamainam. Ano ang pakay ng pangangasiwa? Ito ay upang mas maayos na maipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, para makita kung angkop ang isinaayos mong gawain, kung mayroong anumang pagkalingat o mga bagay na hindi mo isinaalang-alang, kung may mga bahagi na hindi naaayon sa mga prinsipyo, kung mayroong anumang mga baluktot na aspekto o parte na kung saan may nagawang mga pagkakamali, at iba pa—ang lahat ng isyung ito ay maaaring matuklasan sa proseso ng pagsasagawa ng pangangasiwa. Pero kung mananatili ka lang sa bahay at hindi mo gagampanan ang partikular na gawaing ito, matutuklasan mo ba ang mga problemang ito? (Hindi.) Maraming problema ang kailangang ipagtanong, obserbahan, at maunawaan sa aktuwal na lugar para malaman at maarok. Kapag nagsasagawa ng pangangasiwa, kailangan mong hikayatin iyong mga iresponsable at walang ingat sa kanilang gawain, mga nanlilinlang sa mga nakatataas sa kanila at nagtatago ng mga bagay-bagay sa mga nakababababa sa kanila, at mga pabaya at mabagal. Katatapos lang nating talakayin ang ilang hakbang patungkol sa kung paano sila hikayatin: Maaari kang magbigay ng direksiyon, makipagbahaginan, magpungos, magbigay ng babala, at maaari mo rin silang tanggalin. Madali bang isagawa ang mga hakbang na ito? (Oo.)

III. Pag-iinspeksiyon at Pagsusubaybay

Pagkatapos hikayatin ng mga lider at manggagawa ang pagsulong ng gawain, ang susunod na hakbang ay ang pag-iinspeksiyon sa gawain. Ano ang karaniwang layunin ng pag-iinspeksiyon sa gawain? Ang pag-iinspeksiyon sa gawain ay upang matukoy ang pag-usad ng mga gampaning naisaayos, matukoy ang anumang problema na kailangang agarang malutas, at matiyak na ang gawain ay ganap na nagawa nang maayos sa huli. Pagkatapos maisaayos ang gawain, kinakailangang inspeksiyonin ang ilang aspekto: kung anong yugto na ang narating ng kasunod na gawain, kung natapos na ba ito, kung gaano ito kahusay, kung ano ang mga resulta, kung may anumang natukoy na partikular na problema, kung may anumang suliranin, kung may mga bahagi bang hindi umaayon sa mga prinsipyo, at iba pa. Ang pag-iinspeksiyon sa gawaing isinaayos mo ay isa ring partikular at kinakailangang gampanin. Madalas magkamali ang ilang lider at manggagawa: Akala nila, kapag naisaayos na nila ang gawain, tapos na ang kanilang trabaho. Naniniwala sila, “Tapos na ang gampanin ko, natupad ko na ang aking responsabilidad. Ano’t anuman, sinabi ko na sa inyo kung paano ito gawin. Alam ninyo kung ano ang gagawin, at pumayag kayong gawin ito. Hindi ko na kailangang alalahanin kung paano ang magiging takbo ng mga bagay-bagay; mag-ulat na lang kayo

sa akin kapag natapos na kayo.” Pagkatapos magplano at magsaayos ng gawain, naniniwala sila na tapos na ang kanilang gampanin at maayos na ang lahat. Hindi nila sinusubaybayan o iniinspeksiyon ang gawain. Tungkol sa kung angkop ba ang taong isinaayos nila na mangasiwa sa gampanin, kung ano ang kalagayan ng karamihan sa mga tao, kung mayroon bang mga problema o suliranin, kung mayroon ba silang kumpiyansa na gawin nang maayos ang gawain ng iglesia, kung mayroon bang mga baluktot at maling aspekto, o kung mayroon bang anumang paglabag sa mga pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas, hindi nila inaalam, iniinspeksiyon, o sinusubaybayan ang tungkol dito. Itinuturing lang nilang tapos na ang trabaho nila pagkatapos nilang isaayos ang gawain; hindi ito paggawa ng partikular na gawain. Ano ang dapat inspeksiyonin sa gawain? Ang mga pangunahing bagay na dapat suriin ay kung ang plano ng pagpapatupad ay naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain, kung lumalabag ba ito sa mga prinsipyo at hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, at kung mayroon bang mga taong nagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan, sinumang taong bulag na gumagawa ng problema, o sinumang taong naglilitanya ng tila magagarbong salita sa panahon ng gawain. Siyempre, habang iniinspeksiyon ang gawain, sinusuri din ninyo kung mayroon bang anumang pagkakamali sa sarili ninyong pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain. Sa totoo lang, ang pag-iinspeksiyon sa gawain ng iba ay pag-iinspeksiyon din sa sarili ninyong gawain.

Pagbabahaginan sa Kung Paano Magpatupad ng mga Pagsasaayos ng Gawain Nang May Halimbawa

Tungkol sa kung paano ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas, magbigay tayo ng partikular na halimbawa. Halimbawa, sabihin nating hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain na magsulat ang mga tao ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Isa itong partikular na gampanin na sumasaklaw sa maraming iba’t ibang aspekto at isang pangmatagalan at nagpapatuloy na gampanin, hindi isang pansamantalang pagsasaayos ng gawain. Kaya, pagkatapos iatas ang pagsasaayos na ito ng gawain, ano ang unang dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Ayon sa ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa, kung saan hinihingi sa kanilang magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at inspeksiyonin at subaybayan ang estado ng pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain, ang unang kailangang gawin ng mga lider at manggagawa ay ang makipagbahaginan sa mga lider ng pangkat at mga superbisor tungkol sa kung paano partikular na isasakatuparan ang gampaning ito nang naaangkop at sa paraang nagbubunga ng mga resulta, tinitiyak na ang lahat ay may landas at mga prinsipyo na susundin para sa gawaing ito. Sa pamamagitan lamang ng pagbabahaginan sa ganitong antas magagawa nang maayos ang gawain. Una, tiyakin na nauunawaan ng lahat ang mga pamantayang hinihingi ng ang Itaas para sa pagsusulat ng mga artikulo ng patotoo at kung anong uri ng mga artikulong patotoo ang hinihingi. Una, itatag ang partikular na nilalaman, mga prinsipyo,

at saklaw ng mga artikulong ito, at tiyakin na alam ito ng lahat ng lider at manggagawa. Dagdag pa rito, magbigay ng partikular na pagbabahagi at patnubay tungkol sa haba, format, paksa, at estilo ng wika ng mga artikulo—halimbawa, ipaalam sa kanila na ang mga artikulo ay maaaring isulat bilang isang salaysay, talaarawan, personal na kuwento, prosang tula, at iba pa. Hindi ba't ito ay pagbibigay ng patnubay? (Oo.) Pagkatapos magbigay ng patnubay, malalaman ng lahat ang partikular na konsepto at depinisyon ng mga artikulo ng patotoo na kailangan nilang isulat. Kasunod niyon, tukuyin kung sino ang may kakayahan at karanasan na magsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, at kung sino ang walang malalim na karanasan at kaya lamang magsanay sa pagsusulat ng mga karaniwang artikulo ng patotoo. Kailangang maging napakalinaw sa mga lider ng iglesia ang mga sitwasyong ito. Kapag naisulat na ang mga artikulo, irebyu ang mga ito para tingnan kung ang mga ito ay tunay at nakapagpapatibay. Kung pasok sa pamantayan ang mga ito, maaaring gamitin ang mga ito bilang mga halimbawang artikulo para basahin at gawing sanggunian ng mga kapatid na hindi pa nakapagsulat ng mga artikulo o hindi marunong magsulat ng mga ito. Kung may sinumang may mga karanasan at handang magsulat ng mga artikulo ng patotoo, dapat niyang sundin ang mga prinsipyo at hinihingi, ibahagi ang mga nilalaman ng kanyang puso at magsalita ng mga praktikal na salita para mapatibay nila ang mga mambabasa. Kung ang ilang tao ay hindi magaling sa pagsusulat ng mga artikulo at kaya lang magsulat ng simpleng salaysay ng mga pangyayari, ano ang dapat gawin sa kanila? Kahit hindi pasok sa pamantayan ang kanilang mga artikulo, dapat pa rin silang magsanay. Dapat silang magsulat ng mga artikulo tungkol sa kanilang tunay na pagkaunawa at pagpapahalagang nakamit mula sa pagdanas sa mga salita ng Diyos. Pagkatapos i-edit at irebyu ang mga artikulong ito, kung ang nilalaman ay pasok sa pamantayan ng mga artikulo ng patotoo, kung gayon, balido ang gayong mga artikulo. Anuman ang estilo ng pagkasulat sa artikulo, at anuman ang porma nito—isinulat man ito bilang isang salaysay o talaarawan—basta't kapaki-pakinabang at nakapagpapatibay ito sa mga mambabasa, maaari itong isulat. Mayroon ding ilang tao na mababa ang antas ng pinag-aralan na mayroong ilang patotoong batay sa karanasan pero hindi marunong magsulat ng mga artikulo ng patotoo. Ano ang dapat gawin sa gayong mga kaso? Maaari nilang isalaysay nang pasalita ang kanilang mga karanasan, at ang isang taong may mas pinag-aralan ay maaaring tumulong sa kanila na magtala ng kanilang mga karanasan at pagkatapos ay ipahayag nang tumpak ang mga ito nang ayon sa tunay na pagpapakahulugan ng taong iyon, ini-edit ito para maging isang artikulo ng patotoong pasok sa pamantayan. Balido rin ang gayong mga artikulo. Upang simulan ang gawaing ito, una ay makipagbahaginan kung ano ang isang artikulo ng patotoo at ang format nito. Pagkatapos, gumawa ng mga partikular na hinihingi at mga pagsasaayos para sa mga taong may iba't ibang antas ng pinag-aralan, iba't ibang edad, at iyong may iba't ibang karanasan at tayog. Pasulatin muna ng ilang artikulo iyong may mga karanasan. Samantala, tukuyin ang mga indibidwal sa iglesia na naaangkop

pumatnubay sa mga kapatid sa pagsusulat ng mga artikulo at na mga naaangkop sa pag-e-edit at pagsusuri ng mga artikulo para isagawa ang mga partikular na gampaning ito. Nagbibigay ito ng paunang pagsasaayos para sa gawaing ito. Ang pagsasaayos ba sa ganitong paraan ay nangangahulugan na ganap nang naipatupad ang gawain at maaari na ninyo itong iwanan? Hindi, pagbibigay pa lang ito ng partikular na direksiyon, tulong, at mga plano ng pagpapatupad batay sa mga hinihingi ng pagsasaayos ng gawain. Ano ang sunod na dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Dapat ninyong pangasiwaan ang gawain. Dapat ba na may target ang pangangasiwang ito? Ang pangangasiwa ay hindi random na pagsusuri sa isang lugar; kailangan nitong magkaroon ng pangunahing target. Kailangan ninyong magkaroon ng malinaw na pagkaunawa sa kung sino ang kailangang pangasiwaan at kung aling mga yugto ng gawain ang nangangailangan ng pangangasiwa. Halimbawa, kung ang isang partikular na sister ay lider ng iglesia na karaniwang hindi masigasig sa kanyang gawain, mahilig siyang magyabang, ambisyosa pero wala namang kakayahan, may tendensiyang manlinlang sa mga nakatataas sa kanya at magtago ng mga bagay-bagay sa mga nakabababa sa kanya, nagsasalita sa paraang talagang magandang pakinggan, at may tendensiyang maging pabaya sa kanyang gawain, kinakailangan niyang mapangasiwaan sa kanyang gawain. Hindi ninyo siya maaaring lubos na pagkatiwalaan. Ang unang hakbang, kung gayon, ay inspeksiyonin ang kanyang gawain at tingnan kung kumusta ang takbo ng pagpapatupad niya sa mga pagsasaayos ng gawain. Ito ba ay pabasta-basta lang na pangangasiwa sa mga tao? (Hindi.) Kinakailangan ito para sa gawain sapagkat napakahalaga ng gawaing ito, at ang mga nagsasagawa ng ganitong uri ng gawain ay dapat na maaasahan. Kung hindi sila gumagawa ng mga partikular na gampanin at hindi sila mapagkakatiwalaan, ang bulag na pagtitiwala sa kanila ay makakaantala sa gawain ng iglesia, at magiging pabaya ka rin sa iyong responsabilidad. Sa gayong mga tao, hindi ka puwedeng magpadala sa kung gaano kaganda pakinggan ang mga salita nila o kung gaano nila kalakas na ipinapahayag ang kanilang dedikasyon; sa totoo lang, magaling lang silang magsalita pero wala silang ginagawang makabuluhan kapag walang nakatingin. Ang gayong mga tao ang tiyak na mga target ng pangangasiwa. Sa pamamagitan ng pangangasiwa, obserbahan kung nagsisi ba sila. Kung hindi pa, tanggalin sila kaagad at huwag nang mag-aksaya ng lakas sa kanila. Sa katunayan, dapat kang magsubaybay, mangasiwa, at magbigay ng gabay sa karamihan ng mga lider at manggagawa. Para sa iyong mga kayang gumawa ng tunay na gawain at may pagpapahalaga sa responsabilidad, kung ito ay gawaing alam nilang gawin, hindi na kailangan ng pangangasiwa. Gayumpaman, para sa isang gawaing bago o mahalaga, kinakailangan pa rin ang pagsusubaybay, pangangasiwa, at pagbibigay ng gabay. Masasabi na ang pangangasiwa at pagsusubaybay sa ganitong gawain ay ang trabaho ng mga lider at manggagawa. Ang pagsusubaybay, pangangasiwa, at pagbibigay ng gabay ay hindi tungkol sa kawalan ng tiwala, bagkus, ito ay pagtitiyak sa maayos na pag-usad ng gawain. Dahil may iba’t ibang pagkukulang ang mga tao, at higit pa roon,

mayroon silang iba't ibang tiwaling disposisyon, kung hindi magsasagawa sa ganitong paraan, imposibleng matiyak na maayos na magagawa ang gawain. Ang mga bago-bagong naiangat para gumawa ng gawain ay nangangailangan ng mas higit na pagsusubaybay, pangangasiwa, at paggabay. Ito ay isang partikular na gampanin na kailangang gampanan ng mga lider at manggagawa. Kung hindi mo isinasagawa ang pagsusubaybay, pangangasiwa, at pagbibigay ng gabay, maraming gampanin ang hindi magagawa nang maayos, at ang ilang gawain ay maaari pa ngang pumalpak o mahinto. Isa itong napakakaraniwang pangyayari. Sa partikular, ang mga lider at manggagawa na hindi naghahangad sa katotohanan ay mas lalong nangangailangan ng pangangasiwa. Sa iba naman, maaaring maipatupad nang maayos ang gawain, ngunit sa gayong mga tao, hindi tiyak kung maipapatupad ba ang gawain o kung gaano kaayos ito maipapatupad, at lalong mahirap masabi kung maipapatupad ba ito ayon sa pagsasaayos ng gawain. Ang gayong mga tao ay hindi gaanong maaasahan sa kanilang gawain. Kung pagkakatiwalaan mo sila nang hindi pinangangasiwaan ang kanilang gawain, sa esensiya, ito ay pagiging pabaya at iresponsable sa gawain. Sa gayong mga tao, kailangan mong magsubaybay at mangasiwa, at makibahagi sa gawain ng kanilang iglesia. Kung ayaw ka nilang papuntahin o hindi ka nila malugod na tinatanggap, ano ang dapat mong gawin? Maaari mong sabihin, "Lulunukin ko na lang ang pride ko at pupunta pa rin ako." Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Hindi nila personal na teritoryo iyon; isa itong iglesia, at saklaw ito ng responsabilidad mo. Hindi mo pinatatagal ang pananatili mo sa kanilang bahay para maging palamunin; pumupunta ka sa isang iglesia para gumawa. Hindi ito tungkol sa paglunok mo sa iyong pride. Bagama't sila ay lider, hindi kanila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ay dahil iresponsable at hindi sila tapat sa kanilang gawain kaya kailangan mong subaybayan at pangasiwaan ang gawain nila. Kaya, ano ang dapat mong gawin kapag pumunta ka roon? Una, tanungin sila kung sino sa iglesia ang may mga karanasan sa buhay at kayang magsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, kung sino ang higit na tumutuon sa paghahangad sa katotohanan, kung sino ang higit na tumutuon sa pagsusulat ng mga talaarawan at mga tala ng espirituwal na debosyon, kung sino ang tumutuon sa pagbabahagi ng kanilang mga karanasan sa mga pagtitipon, at kung sino ang may pinakamaraming patotoong batay sa karanasan. Hayaan silang ituro muna ang mga taong ito. Kung magbibigay sila ng ilang kapatid, sinasabi na ang mga ito ang higit na tumutuon sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, may kaliwanagan at pagtanglaw mula sa Banal na Espiritu, madalas na nagsusulat ng mga tala ng espirituwal na debosyon, nakatuon sa pagsasagawa sa katotohanan kapag nahaharap sa mga sitwasyon, at madalas na nagbabahagi ng mga patotoong batay sa karanasan na gustong pakinggan ng iba, kung gayon, dapat kang makipagtagpo at makipagbahaginan sa mga kapatid na ito. Dagdag pa rito, tiyak na may ilang tao sa iglesia na mababa ang pinag-aralan at hindi makapagsulat ng mga artikulo pero may mga praktikal na karanasan. Ang mga taong ito ay nangangailangan ng patnubay at pagsasanay, at maaari mong isaayos ang mga marunong magsulat ng mga artikulo na

tulungan sila sa loob ng ilang panahon. Kasabay nito, pumili ng isang tao na magiging responsable sa pagpapatupad ng partikular na gawain ng pagsusulat ng hinirang na mga tao ng Diyos ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Ang taong ito ang mangangasiwa sa pagkolekta, pag-e-edit, pagrerebyu, at pagsusumite ng mga natapos na artikulo. At ano ang dapat gawin ng lider ng iglesia? Ipangasiwa at ipasubaybay sa kanila ang mga gampaning ito. Maaaring sabihin ng ilang tao, “Dahil mayroon nang lider ng iglesia, bakit kailangan pa nating pumili ng ibang tao para mangasiwa? Hindi ba’t kalabisan na iyon?” Kalabisan ba ito? (Hindi.) Bakit hindi? Ito ay dahil hindi gumagawa ng tunay na gawain ang lider ng iglesiang ito at lubha siyang hindi maaasahan kaya kailangan mong pumili ng ibang tao para partikular na maging responsable para sa gawaing ito. Kung maaasahan ang lider ng iglesia, magagawa niyang matatag na isakatuparan ang gawain pagkatapos matanggap ang pagsasaayos ng gawain, at hindi mo na kakailanganing pangasiwaan siya nang ganito. Ang pagpili sa isang tao na mangasiwa ay hindi para isantabi ang lider ng iglesia, kundi para magkamit ng mas magagandang resulta sa gawain. Kung hindi mo pipiliin ang taong ito, maaaring mabigo ang gawain, at walang katiyakan kung kailan ito matatapos o magbubunga ng mga resulta.

Ang layunin ng mga lider at manggagawa sa pakikilahok sa gawain ng iglesia ay ang akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos na praktikal na danasin ang gawain ng Diyos. Bukod sa dapat nilang gawin nang maayos ang tungkulin nila, dapat din nilang tulungan at akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos na isakatuparan ang lahat ng gawain ng iglesia ayon sa mga pamantayang hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain. Tanging ang mga lider at manggagawa na gumagawa nito ang umaayon sa mga layunin ng Diyos. Pero kung hindi ka partikular na nakikilahok sa gawain, at hindi ka nagsasagawa ng pangangasiwa sa mga lider at manggagawang hindi gumagawa ng tunay na gawain, maaaring mauwi sa wala ang mga resulta ng mga gampaning ito ng iglesia, dahil nasira ng mga huwad na lider ang mga ito. Kung malinaw mong nauunawaan ang sitwasyon ng isang partikular na iglesia, at alam mo sa puso mo na iresponsable ang mga lider ng iglesiang ito, pero hindi ka maagap na nagsusubaybay at nagbibigay ng gabay, hindi ba’t pagpapabaya ito sa responsabilidad? Para sa ganitong klase ng gawain, kung partikular kang nagsubaybay at nakilahok, at isinaayos mo kapwa ang superbisor at mga tao na gawin ang gawain, kaagad ka na bang makakaalis? (Hindi.) Pinakamainam na magsubaybay sa loob ng ilang panahon. Sa panahon ng pagsubaybay, sa isang banda, maaari mong hikayatin at patnubayan ang mga lider ng iglesia na aktibong gawin ang gampaning ito. Dagdag pa rito, maaari kang magkaroon ng tumpak na pagkaunawa sa sitwasyon ng gawain ng mga taong isinaayos mo, at kasabay nito, maaari kang magbigay ng agarang mga pagwawasto at tulong para sa anumang problemang kinakaharap nila sa anumang oras. Kung aalis ka nang masyadong maaga, at babalik para pangasiwaan at lutasin ang mga problema kapag lumilitaw ang mga ito, maaantala nito ang gawain. Sa kabuuan, para sa partikular na gawaing ito, bukod sa pakikilahok

sa pagsasaayos sa mga tauhan at sa superbisor, pinakamainam na magsubaybay rin sa loob ng ilang panahon para makita kung anong mga problema ang lumilitaw sa panahon ng kanilang gawain. Sa isang banda, pangasiwaan kung tinutupad ba ng mga lider ng iglesia ang kanilang responsabilidad; sa kabilang banda, tingnan kung paano ginagampanan ng mga tauhan ang gawain. Dahil karamihan ng tao ay hindi pa nakagawa ng ganitong gawain dati, at hindi batid ang mga problemang maaaring lumitaw, patuloy mong matutuklasan ang ilang hindi batid na isyu habang lumalahok ka sa gawaing ito. Siyempre, pinakamainam din na makapagbigay ng mga solusyong nasa oras. Ang pananatili sa aktuwal na lugar, pangangasiwa, at pagsusubaybay ay ang mga pinakamainam na pagsasagawa. Huwag maging pabaya na iniraraos lang ang gawain at sabihing tapos na iyon. Ito ay isang gawaing ginawa para sa isang espesyal na sitwasyon, nagbibigay ng kaunting tulong at patnubay. Pagkatapos lutasin ang mga problema, subaybayan ang gawain nila sa loob ng ilang panahon. Nakikita mo na may ilang artikulo na ang naisulat, at mayroong maraming klase ng mga artikulo, na tumatalakay sa iba't ibang isyu at sumasaklaw sa iba't ibang paksa—ang ilan ay tungkol sa mga karanasan ng pang-uusig ng CCP, ang ilan ay tungkol sa mga karanasan ng pang-uusig ng pamilya, ang ilan ay kung paano nauunawaan ng mga tao ang mga tiwaling disposisyong ibinubunyag nila, o kung paano nalulutas ang iba't ibang tiwaling kalagayang ipinapakita ng mga tao habang ginagawa ang mga tungkulin nila, at iba pa. Kailangang marebyu ang lahat ng artikulong ito ng patotoo para matiyak na ganap na umaayon ang mga ito sa mga katunayan at tunay na nakakapagpatibay sa mga tao bago maaprubahan at gawing mga video ang mga ito. Kapag umabot na sa ganitong antas ang gawain, makikita mo na ang mga resulta. Pinatutunayan nito na, sa mga paunang kondisyon, ang mga tauhan at ang superbisor na isinaayos mo para sa gawaing ito ay medyo naaangkop. Sunod, kung kaya nilang tapusin ang gawaing ito nang sila lang, naaangkop na umatras ka. Nakakatanggap din ba ng pagpapatibay ang mga lider at manggagawa na gumagawa sa ganitong paraan? Mas nakapagbibigay-kasiyahan ba ito kaysa sa pagdadaldal lang ng puro teorya buong araw at pag-aaksaya ng oras? (Oo.) Ang ganitong uri ng gawain ay may malalaking gantimpala. Sa isang banda, natututo kang lutasin ang mga aktuwal na problema. Sa kabilang banda, natutupad mo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Dagdag pa rito, ang pagkaunawa mo sa katotohanan ay hindi natatapos sa antas ng mga salita at doktrina; sa halip, higit mong nagagamit ang katotohanan sa tunay na buhay. Sa ganitong paraan, nagkakamit ng praktikal na karanasan ang mga tao, at nagiging mas kongkreto at praktikal ang pagkaunawa nila sa katotohanan.

Pagkatapos mapatnubayan sa ganitong antas ang inisyal na proyekto ng gawain ng isang iglesia at magkamit ng mga paunang resulta, anong gawain ang dapat kasunod na gawin ng mga lider at manggagawa? Tapos na ba ang trabaho mo kapag natapos na ang isang inisyal na proyekto? Mayroon pa bang karagdagang gawain na kailangan mong gawin? Napakarami pa ring gawain! Pagkatapos mapatnubayan ang gawain

ng iglesiang ito, tingnan kung alin pang gawain ng iglesia ang nangangailangan ng nakatuon na pamamatnubay, at pagkatapos ay pumunta sa iglesiang iyon at patuloy na magbigay ng patnubay. Dahil mayroon ka nang kaunting karanasan sa gawain at naarok mo na ang ilang katotohanang prinsipyo, magiging mas madali na muling magbigay ng patnubay sa gawain. Siyempre, ayon sa mga hakbang ng gawain na tinalakay kanina, dapat mo munang suriin kung pasok sa pamantayan ang mga napiling tauhan, kung angkop ba sila para sa gawaing ito, at kung ang kanilang kakayahan, pagkatao, antas ng edukasyon, antas ng paghahangad sa katotohanan, saloobin sa kanilang tungkulin, at pagkaunawa sa katotohanan, pati na ang iba pang mga aspekto, ay medyo ideyal, at kung sila ba ay mga medyo pinakamahuhusay na indibidwal. Sa pamamagitan ng ilang panahon ng pangangasiwa at pag-iinspeksiyon sa gawain, magkakaroon ka ng pagkakataong matuklasan na ang ilang lider at manggagawa o superbisor ay hindi pasok sa pamantayan. Halimbawa, ang ilang tao ay may mahinang kakayahan at hindi kayang gawin ang gawain. Ang iba naman ay may baluktot na pagkaarok, mga maling pananaw, walang normal na pag-iisip, at walang espirituwal na pang-unawa. Kaya lang nilang sumuri ng teksto ng mga artikulo batay sa kanilang akademikong kaalaman, pero mangmang sila pagdating sa pagiging angkop ng mga partikular na espirituwal na termino at sa kaangkupan ng pagsisipi ng mga salita ng Diyos; hindi nila kayang makilatis ang mga bagay na ito kahit kaunti, na nagpapakita na hindi angkop ang pagpili sa kanila at na dapat silang palitan kaagad. Samantala, napipili pa rin ang iba bilang mga superbisor, at bagama't kaya nilang gumawa ng ilang gawain, mas magagandang resulta ang natatamo kapag nagsusulat sila ng mga artikulo nang mag-isa. Kapag hiniling sa kanila na maglingkod bilang mga superbisor, wala silang oras na magsulat kapag nagiging abala sila sa kanilang gawain, at hindi nila nagagawa nang talagang maayos ang gawain ng isang superbisor. Hindi sila mahusay sa pagbibigay ng patnubay, pag-iinspeksiyon ng gawain, o pagwawasto ng mga problema, pero mas magaling sila sa paggampan ng iisa at partikular na gampanin. Kaya, ang pagpili sa gayong indibidwal para maging superbisor ay hindi angkop, at dapat pumili ng ibang kandidato. Samakatwid, kapag nag-iinspeksiyon at nagsusubaybay ang mga lider at manggagawa sa isang partikular na gampanin, hindi sapat ang magtanong lang at mag-usisa para alamin kung nauunawaan ba ng superbisor ang mga prinsipyo. Kailangan mo ring obserbahan kung ano ang pagkatao ng naturang tao, at kung angkop ba sa paggawa ng tungkuling ito ang kanyang kakayahan, abilidad na umarok, at tayog. Kung ibinubunyag ng pag-iinspeksiyon ang mga tauhang hindi pasok sa pamantayan, kailangang maagap na gumawa ng mga pagsasaayos. Ito ang kaakibat ng pag-iinspeksiyon sa gawain.

Para maipatupad ang gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoo, kailangan ding matuto ang mga lider at manggagawa na suriin ang mga artikulo at magbigay ng gabay at pagsisiyasat para sa gawain ng pagsusulat ng mga artikulo, bukod pa sa pag-iinspeksiyon kung angkop ba ang superbisor ng gawaing ito. Ang mga artikulong isinulat nang partikular at praktikal ay maaaring gamitin bilang mga halimbawa. Ang mga

artikulong isinulat nang mababaw at hindi praktikal, na walang halaga at hindi nakakapagpatibay sa mga tao, ay dapat direktang alisin. Sa ganitong paraan, malalaman ng mga kapatid kung aling klase ng mga artikulo ang may halaga at aling klase ang walang halaga, at sa hinaharap, hindi na sila magsusulat ng mga artikulong walang halaga, kaya, maiiwasan ang pag-aaksaya ng lakas at oras. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng halaga ang gawain mo. Kapag pumunta ka para inspeksiyonin ang gawain, kailangan mong suriin ang iba't ibang uri ng artikulo ng patotoong batay sa karanasan na isinulat nila para makita kung nahaluan ba ng anumang karumihan o kasinungalingan at kung nakakapagpatibay ba ang mga artikulo o hindi. Kailangan mo munang siyasatin ang mga bagay na ito. Kapag nagsisiyasat ka, hindi ba't natututo ka rin? (Oo.) Habang natututo ka, mas magiging mahusay ka sa paggawa ng gawaing ito. Ipagpalagay nang hindi ka nag-iinspeksiyon, hindi mo sineseryoso ang mga bagay-bagay, at iresponsable ka, at iniraraos mo lang ang gawain, pakay mo lang na tapusin ang trabaho at pagkatapos ay mag-ulat sa mga nakatataas sa iyo na tapos na ito, iniisip na, "Ano't anuman, maraming tao sa iglesia namin ang kayang magsulat ng mga artikulo ng patotoo. Pagkatapos nilang magsulat, isusumite ko ang lahat ng ito. Ano naman kung pasok sa pamantayan ang mga ito o hindi? Basta't alam lang ng mga nakatataas na lider na marami akong nagawang gawain, na naipatupad ko ang mga pagsasaayos ng gawain, at naging abala ako, sapat na iyon!" Responsableng saloobin ba ito? (Hindi.) Ito ay pagiging iresponsable. Kung inaako mo ang responsabilidad, kailangan munang ikaw mismo ang magsiyasat sa mga bagay-bagay. Ang anumang artikulong isinumite sa pamamagitan mo ay kailangang pasok sa pamantayan; dapat sabihin ng sinumang nagbabasa nito na nakakapagpatibay ito at dapat maging handa siyang basahin ito. Ito lang ang masasabing pagtupad sa responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang pag-inspeksiyon sa gawain ay hindi tungkol sa pagraos lang ng gawain, pagsigaw ng mga islogan, pangangaral ng mga doktrina, o di-makatwirang pagsesermon sa mga tao. Ito ay tungkol sa pag-iinspeksiyon sa kahusayan at mga resulta ng gawain, pag-iinspeksiyon kung ang gawaing nagawa mo ay pasok sa pamantayan, kung nakakamit ba nito ang mga resulta ng pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain, kung natutugunan ba nito ang mga hinihingi ng Diyos, kung aling mga aspekto ang pasok sa pamantayan at alin ang hindi—ang mga ito ang mga bagay na dapat inspeksiyonin. Kabilang dito ang paggawa ng partikular na gawain, at nauugnay ito sa kakayahan ng mga tao—kung sila ba ay may espirituwal na pang-unawa, kung gaano karaming katotohanan ang nauunawaan nila, kung gaano karaming katotohanang realidad ang taglay nila—at sa abilidad nilang tingnan ang mga bagay-bagay. Kung marunong kang mag-inspeksiyon ng gawain, at habang iniinspeksiyon mo ang gawain ay nakakatuklas ka ng mga problema, naaarok mo ang pinakabuod ng mga problema, natutukoy ang diwa ng mga problema, at nalulutas ang mga problema, at bago ka magsumite ng mga artikulo ng patotoo ay sinisiyasat mo ang mga ito ayon sa mga prinsipyo, tinitiyak na ang mga artikulong isinusumite mo ay pawang pasok sa pamantayan at nakakapagpatibay

sa mga nagbabasa ng mga ito, kung gayon, ikaw ay pasok sa pamantayan bilang lider o manggagawa, at nagawa mo na nang maayos ang gawain mo.

Karamihan ng tao ay kayang gawin ang gawain ng pagbibigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat. Gayumpaman, kapag kinakailangan ng pag-iinspeksiyon at pagsisiyasat, sinusubok nito ang kakayahan ng mga lider at manggagawa at kung taglay ba nila ang katotohanang realidad. Ang ilang tao ay kayang magbigay ng patnubay, mangasiwa sa gawain, at magpungos o magtanggal at humarap sa mga hindi angkop na tauhan, pero hindi nila alam kung paano suriin ang kahusayan at mga resulta ng gawaing isinaayos nila, kung umaayon ba ito sa mga pagsasaayos ng gawain, at kung paano ito lulutasin kung hindi ito umaayon. Karamihan sa mga lider at manggagawa ay hanggang sa pagbibigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat lang ang kayang gawin, pero pagdating sa pag-iinspeksiyon sa gawain, hindi nila alam kung ano ang gagawin, wala silang mga prinsipyo, at naguguluhan sila. Iniisip nila, “Naipatupad na ang mga pagsasaayos ng gawain, kaya ano pa ang dapat inspeksiyonin? Gumagawa ang lahat, walang sinuman ang walang ginagawa, ang mga taong nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan ay hinarap na, at ang mga kailangang tanggalin o alisin ay napangasiwaan na rin nang naaayon. Ano pa ba ang dapat inspeksiyonin?” Sadyang wala silang kamalay-malay. Ang pag-iinspeksiyon sa gawain ay nangangailangan ng pagsisiyasat. Ano ang ibig sabihin ng pagsisiyasat? Nangangahulugan ito na kailangan mong gumawa ng kongklusyon. Halimbawa, ang superbisor ng gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan ay naghatid sa iyo ng isang artikulo, nagsasabing maganda ang estilo ng pagsusulat, matatas ang wika, at kapwa maganda ang estilo ng wika at ang paksa ng artikulo. Gayumpaman, pakiramdam niya ay tila kulang ito sa praktikal na nilalaman at hindi ito makakapagpatibay sa mga tao, na kailangan itong dagdagan at pagbutihin, pero hindi niya makilatis ang usaping ito nang siya lang, kaya hinihiling niya sa iyo na tingnan ito. Ano ang ibig sabihin ng paghiling niya na tingnan mo ito? Ibig sabihin, kailangan niya na siyasatin mo ito. Kung paano mo ito sinisiyasat at kung maayos mo ba itong sinisiyasat ay sumusubok sa tunay mong tayog. Ano ang ibig sabihin ng tunay na tayog? Nangangahulugan ito kung nauunawaan mo ba ang mga katotohanang prinsipyo. Kung hindi nauunawaan ng superbisor ang mga prinsipyo ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoo, hindi masuri kung praktikal at tunay ba ang isang artikulo, at hindi alam kung paano gumawa ng paghusga, at ganoon ka rin, hindi makagawa ng paghusga o desisyon, isang bagay ang pinatutunayan nito: Kapareho lang ng sa kanya ang kakayahan mo, at hindi mo kayang magsiyasat ng mga artikulo. Hindi ba’t ganito ang kaso? Ang katotohanang nauunawaan mo ay halos kapareho ng sa kanya, at hindi mo makilatis ang mga problemang hindi niya makilatis—ipinapahiwatig nito ang isang isyu. Kung kaya mong kilatisin ang mga problemang hindi niya kayang kilatisin, at kaya mong matuklasan ang mga problema sa pamamagitan ng pag-iinspeksiyon na hindi niya kayang matuklasan, pinatutunayan nito na kaya mong magsiyasat ng mga artikulo. Halimbawa, itinuturing niyang pasok sa pamantayan

ang karamihan sa mga artikulo at na walang malalaking isyu sa mga ito, pero sa pamamagitan ng iyong pag-iinspeksiyon at pagsisiyasat, may nahanap kang isang maliit na parte na hindi pasok sa pamantayan. Ipinaliliwanag mo ang mga problema sa mga artikulong ito sa pamamagitan ng paghihimay at pagbabahaginan; sang-ayon ang lahat na may katwiran ang mga punto mo, naaayon sa mga prinsipyo, at hindi paghahanap lang ng butas, bagkus ay mga tunay ngang isyu, at na kailangang iwasto ang mga ito. Ang ilang artikulo ay hungkag at walang praktikal na pagkaunawang batay sa karanasan; ang ilang artikulo ay may praktikal na pagkaunawang batay sa karanasan pero hindi sapat na kongkretong ipinahayag; may ilang artikulo rin na hindi angkop na nagsisipi ng mga salita ng Diyos, hindi pumipili ng mga mas nababagay na sipi ng mga salita ng Diyos, na humahantong sa mas malalalang resulta; ang ilang artikulo ay may mga maling pananaw, may baluktot na pagkaarok at walang pagbabahaginan tungkol sa pag-unawa sa katotohanan, kaya hindi napapatibay ang mga mambabasa at madali silang magkaroon ng pagkanegatibo at mga maling pagkaunawa; at iba pa. Matutukoy at makikilatis mo ang mga isyung ito. Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan mo, natutulungan mo silang maarok ang mga prinsipyo, na nagbibigay-kakayahan sa mga may karanasan na makapagsulat ng mga tunay na patotoong batay sa karanasan. Pinipili mo ang mga artikulong nakakapagpatibay at may halaga para sa mga tao bilang mga patotoong batay sa karanasan na pasok sa pamantayan, nang sa gayon ay kapag binasa ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga ito, napapatibay sila. Samantala, ang mga artikulong walang tunay na pagkaunawang batay sa karanasan o naglalaman ng baluktot na pagkaarok ay inaalis. Kung gagawin mo ito, hindi ba’t nagsisiyasat ka? Kung mayroon kang gayong abilidad na makita ang mga bagay-bagay at gumawa ng gawain, hindi ba’t sapat ang kakayahan mo? Hindi ba’t tinutupad mo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Kung iniisip nila na karamihan sa mga artikulo ay katanggap-tanggap at dinadala nila ang mga ito sa iyo para masiyasat, at iniisip mo rin na maayos naman ang karamihan sa mga ito, samantalang sa totoo lang ay may mga isyu sa ilan sa mga artikulong ito at kinakailangan ng karagdagang pagpili, pag-e-edit, at pagwawasto sa mga problema, pero hindi mo makilatis ang mga ito—kapag isinumite mo ang mga ito sa ang Itaas, at may natuklasan na ilang artikulo ang ang Itaas na hindi pasok sa pamantayan at inaalis ang mga ito—hindi ba’t nangangahulugan ito na hindi ka nagsiyasat nang maayos? Sa isang banda, ang pag-iinspeksiyon sa gawain ay sumusubok sa kakayahan ng mga lider at manggagawa, at sa kabilang banda, sinusubok nito ang lawak ng kanilang pagkaunawa sa katotohanan. Hindi makapagsiyasat ang ilang tao dahil mahina ang kakayahan nila, kaya hindi nila magawa ito, hindi nila nauunawaan ang katotohanan sa aspektong ito, at hindi nila makilatis ang mga problema. Ang kanilang mga pag-iinspeksiyon ay paggawa lang nang pabasta-basta, hindi alam kung ano ang iinspeksiyonin. May mga tao na sapat ang kakayahan, pero dahil mababaw ang pagkaunawa nila sa katotohanan, kaya nilang makatuklas ng mga problema pero hindi nila alam kung paano lutasin ang mga ito. Ang ganitong mga tao ay kailangan pa

ring umunlad. Gayumpaman, kung hindi man lang kayang tuklasin ng mga tao ang mga problema, imposibleng uusad pa sila.

Ang pagpapatupad sa gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan ay may kasamang mahalagang hakbang ng pag-iinspeksiyon, na nakadepende sa kung taglay ng mga lider at manggagawa ang katotohanang realidad. Bukod sa pag-iinspeksiyon sa mga lider at manggagawa na may medyo mahinang kakayahan at medyo mahina, dapat ka ring mag-usisa tungkol sa mga may katamtamang kakayahan at unawain mo sila. Kung hindi angkop ang kapaligiran, maaari kang magpadala ng isang tao para mag-usisa at umunawa sa sitwasyon, at gumawa ng mga detalyadong tala. Kung pinahihintulutan ng sitwasyon, pinakamainam na personal na pumunta at makisalamuha sa superbisor ng gawaing ito; magtanong, mag-usisa, at alamin ang partikular na sitwasyon ng gawaing ito, at tingnan kung gaano kahusay naipapatupad ang gawain. Sa kabuuan, kapag iniatas na ang pagsasaayos ng gawain para sa pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, hindi ito isang bagay na matatapos sa loob lang ng isa o dalawang buwan. Hindi ito isang pansamantalang gampanin kundi isang pangmatagalang gawain. Hindi lamang dapat magbigay ang mga lider at manggagawa ng patnubay, pangangasiwa, panghihikayat, at pag-iinspeksiyon sa loob ng unang isa o dalawang buwan matapos iatas ang pagsasaayos ng gawain, at ituring nila ito na tapos na. Sa halip, kailangan nilang patuloy na subaybayan ang gawaing ito sa loob ng mahabang panahon. Para sa mga mas mahinang lider ng iglesia, kailangan nilang pumunta at magbigay ng personal na patnubay. Para naman sa mga lider ng iglesia na kayang magpatupad ng mga pagsasaayos ng gawain nang mag-isa, dapat din silang magsagawa ng mga regular na pag-iinspeksiyon para maunawaan ang pag-usad ng gawain at malutas ang anumang problemang lumilitaw. Ito ay responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Samakatwid, isang bagay ang natitiyak tungkol sa mga lider at manggagawa na gumagawa ng gawain: Hindi sila kailanman nagkakaroon ng oras na walang ginagawa. Palaging iniisip ng ilang lider at manggagawa, “Naiatas na ang mga pagsasaayos ng gawain, at nakipagbahaginan na ako kung paano ipatupad ang mga ito. Natapos ko na ang trabaho ko, wala nang ibang kailangang gawin. Kaya, gagawa na lang ako ng ilang naaangkop na gawaing-bahay, tulad ng pagtulong sa pagluluto at pagpapatuloy sa bahay, o pagbili ng mga pang-araw-araw na pangangailangan na wala ang mga kapatid.” Wala na silang ginagawa pagkatapos iatas ang mga pagsasaayos ng gawain at pakiramdam nila ay natapos na nila ang kanilang trabaho at wala na silang gagawin pa. Ipinapakita nito na hindi sila marunong gumawa sa gawain o mangasiwa ng mga partikular na gampanin. Sa katunayan, kapag naiatas na ang iba’t ibang pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, hangga’t walang abiso mula sa ang Itaas na itigil ito, dapat magpatuloy ang gawain at hindi maaaring ihinto sa kalagitnaan. Halimbawa, ang gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan—ipinatigil na ba ito ng ang Itaas? Mayroon bang anumang pabatid na nagsasabing itigil na ang gawaing ito? (Wala.) Kung gayon, paano

dapat isagawa ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito? Huwag maging ganado dahil lang sa pansamantalang sigasig. Noong unang iniatas ang pagsasaayos ng gawain, labis kang masigasig, aktibo, at sabik na isagawa ang gawaing ito. Gayumpaman, pagkalipas ng ilang panahon, kung ang ang Itaas ay hindi nanghihikayat, hindi nag-aatas ng mga bagong tagubilin, o hindi nagbibigay ng mga karagdagang direktiba para sa pagsasaayos na ito ng gawain, maaaring iisipin mo na dahil walang bagong isinaayos ang ang Itaas, maaari mong balewalain ang gawaing ito. Hindi ito katanggap-tanggap; ito ay kapabayaan sa responsabilidad. Gaano man katagal nang naipatupad ang gawaing ito, at kung ang ang Itaas ay nag-usisa, nanghikayat, o nagbigay-diin man tungkol sa gawaing ito sa panahong iyon, hangga't ipinagkatiwala sa iyo ang gawaing ito, dapat mo itong pasanin at patuloy na gawin, isinasakatuparan ito nang maayos. Ano ang ibig sabihin ng "patuloy"? Nangangahulugan ito na hangga't hindi sinasabi ng ang Itaas na itigil ito, ang mga lider at manggagawa ay kailangang magbigay ng walang-hinto at tuloy-tuloy na patnubay, pangangasiwa, panghihikayat, pag-iinspeksiyon, at pagsusubaybay sa gawaing ito. Maliban kung bumaba ka sa posisyon o tinanggal ka, hangga't hawak mo ang posisyon mo, kailangan mong gawin nang maayos ang gawaing ito bilang isang lider o manggagawa. Isa rin itong gampanin na dapat patuloy mong ipatupad at subaybayan. Paano ito dapat isagawa? Sa tuwing dadalaw ka sa isang iglesia, kailangan mong tanungin ang mga lokal na lider at ang superbisor ng gawaing ito: "Kumusta ang mga artikulo ng patotoo sa panahong ito? Mayroon bang anumang maganda at medyo nakakaantig na artikulo ng patotoo? Mayroon bang anumang artikulo na may mga espesyal na karanasan?" Kung sasabihin nilang mayroon, dapat mong suriin ang mga artikulong ito. Kung naglalaman nga ang mga ito ng mga praktikal na karanasan at tunay na nakakapagpatibay sa mga tao, dapat isumite kaagad ang mga ito. Sa tuwing dadalaw ka sa isang iglesia, dapat mo munang tanungin ang tungkol sa bagay na ito. Isa itong partikular na gampanin na dapat mong ipatupad, isang obligasyon na hindi mo puwedeng iwasan—responsabilidad mo ito. Hinihikayat o inuusisa man ng ang Itaas ang tungkol sa bagay na ito, kabilang ang gampaning ito sa kung ano ang dapat mong gawin. Kung abala ang mga kapatid sa paggawa ng kanilang mga tungkulin at walang oras na magsulat ng mga artikulo ng patotoo, dapat mo silang hikayatin, sabihin na, "Ang pagsusulat ng magagandang artikulo ng patotoo ay labis na kapaki-pakinabang sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at isa rin itong mahalagang tungkulin." Gayumpaman, sinasabi ng ilang lider, "Pakiramdam ng mga kapatid, naisulat na nila ang lahat ng kanilang karanasan at wala na silang maisulat pa." Tama ba ang pahayag na ito? Sa katunayan, maraming detalyadong karanasan ang hindi napapansin ng mga tao at nakakaligtaan. Kapag binasa nila ang mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan na isinulat ng iba, saka lang nila naaalala na nagkaroon din sila ng mga katulad na karanasan. Kaya naman, ang pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan ay nangangailangan ng maingat na pag-iisip at pagninilay. Maraming pagkaunawang batay sa karanasan ang karapat-dapat na isulat.

Makatwiran bang dahilan ang kawalan ng oras na magsulat? Ito ay isang tungkuling dapat gawin ng mga tao. Gaano man sila kaabala, dapat silang maglaan ng oras para magsulat. Kung hindi sila marunong magsulat ng mga artikulo ng patotoo, dapat nila itong idikta sa iba para i-edit, nang sa gayon ay makagawa ng isang magandang artikulo. Sa ganitong paraan, sa pamamagitan ng iyong panghihikayat at paggabay, naisulat ang isa pang magandang artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Alam mo ba kung gaano karaming tao ang kayang patibayin ng artikulong ito? Ilang tao ang makakatanggap ng tulong at pakinabang mula rito? Kung hindi ka mangangasiwa at magbibigay ng gabay, at wala ring pagpapahalaga sa pasanin ang mga lokal na lider ng iglesia, iniisip na naisulat na ng mga kapatid ang lahat ng kanilang patotoong batay sa karanasan at wala nang maisusulat pang mga artikulo, hindi iiral ang magandang artikulong ito ng patotoong batay sa karanasan. Minsan, kapag dumadalaw ka sa isang iglesia, nakikipagkuwentuhan sa iyo ang ilang kapatid at sinasabi nila, “Naranasan ko ang lahat ng uri ng paghihirap sa buhay ko. Pagkatapos manampalataya sa Diyos, maraming beses din akong inusig. Sa bawat hakbang na dinadaanan, ang Diyos ang umaakay sa akin. Nakita ko ang mga kamangha-manghang gawa ng Diyos, at napagtanto ko na ang lahat ng bagay ay inorden ng Diyos, at na tunay na may kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat—ito ay ganap na totoo!” Pagkatapos nilang ikuwento sa iyo ang karanasan nila, tatanungin mo sila kung naisulat ba nila ito bilang isang artikulo, at sasabihin nila, “Hindi pa, mababa ang pinag-aralan ko at hindi ako marunong magsulat. Bukod pa rito, sinasabi ng iba na hindi mahalaga ang karanasang ito.” Sasabihin mo sa kanila, “Paanong walang halaga ang ganoon kagandang karanasan? Pagkatapos ng bawat hakbang ng karanasan mo, lubos mong naramdaman ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, ang pag-akay ng Diyos, at ang pag-orden ng Diyos. Anong karanasan pa ba ang maaaring maging mas mahalaga kaysa rito? Ang gayong mga karanasan ay dapat isulat at hindi palampasin.” Pagkatapos, agad kang magsasaayos ng mga mas edukadong kapatid para tulungan silang i-edit ito. Sa loob ng tatlong araw, may naisulat nang isang maganda at napakahusay na artikulo ng patotoo at pagkatapos ay ginawa itong isang video ng patotoong batay sa karanasan. Sinasabi ng lahat ng nanonood nito, “Kamangha-mangha ang karanasan ng bida! Lubos na nakapagpapatibay na panoorin ito! Tunay nitong ipinapakita na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat—ganoon nga iyon mismo! Ito ay mas higit pang nakumpirma ngayon, at tumibay ang pananalig namin sa Diyos.” Sinasabi ng iba, “Ang artikulong ito ng patotoong batay sa karanasan ay napakapraktikal at lubos na nakakaantig. Mas magiging maganda pa nga kung gagawin itong pelikula!” Maraming kapatid ang sabik na nag-aabang na gawin itong pelikula kaagad. Kaya naman, dahil responsable at tapat na tinrato ng mga lider at manggagawa ang gawain ng iglesia, ang isang kaswal na pag-uusap ay nauwi sa isang magandang artikulo at magandang materyal para sa isang pelikula. Ito ang pinakamagandang patotoo at pinakamagandang paksa para sa pagpapatotoo sa kataas-taasang kapangyarihan at pag-orden ng Diyos.

Ang gayong mga kuwento ay makapagpapalakas sa pananalig ng napakaraming tao at makakapagpatibay rin sa maraming tao! Ano ang tingin mo sa mga lider at manggagawa na gumagawa ng gawain sa ganitong paraan? Hindi sila sumusunod sa anumang pormalidad sa kanilang gawain. Saanman sila pumunta, nagtatanong sila, nag-uusisa, at nakikisalamuha sa mga kapatid, nakikihalubilo sa mga ito nang hindi nagmamataas. Bukod sa mayroon silang pagpapahalaga sa pasanin sa kanilang puso, mayroon din silang matibay na pagpapahalaga sa responsabilidad. Sa patuloy na paggawa nito, natural silang nagkakamit ng mga resulta. Hindi ba't tatandaan ito ng Diyos? Mababuting gawa ang mga ito, hindi ba? Sabihin mo sa Akin, mahirap bang gawin ang kaunting gawaing ito? Nangangailangan ba ito ng pagdurusa? Nangangailangan ba ito ng pag-akyat sa bundok na puno ng mga batong kasingtalim ng mga espada o ng pagtalon sa dagat-dagatang apoy? Hindi. Hindi ito mahirap. Kinakailangan mo lang itong isapuso. Taglay ang gawaing ito sa puso mo, saan ka man pumunta, magtatanong at mag-uusisa ka: "Kumusta na ang pag-usad ng gawain? Mayroon bang magagandang artikulo ng patotoo sa panahong ito? Para sa mga kapatid na may mga karanasan pero hindi pa nakapagsusulat ng mga artikulo, alam ba ninyo kung paano sila patnubayan sa pagsasalaysay ng kanilang mga karanasan? Alam ba ninyo kung paano sila tulungang ipahayag ang kanilang sarili at patnubayan sila na maisulat ang mga ito?" Saanman kayo pumunta, kailangang palagi kayong makipagbahaginan tungkol sa usaping ito, gumawa ng mga bagay na nauugnay sa gawaing ito, at magsalita ng mga salitang nauugnay sa gawaing ito. Hindi ba't sa ganitong paraan ng pagsasagawa, nagiging mas masagana ang gawain ng mga lider at manggagawa? Maaari kayang magkaroon ng isang sitwasyon kung saan wala kayong ginagawa na gawain? (Hindi.) Mapapagod o mamamatay ba sa pagkahapo ang mga lider at manggagawang gumagawa sa ganitong paraan? (Hindi.) Hindi sila mapapagod o mamamatay sa pagkahapo, magkakaroon ng mga resulta ang gawain, at matatandaan ito ng Diyos. Kung gagawa ka sa ganitong paraan, marami ang mapapatibay, at mararamdaman ng mga kapatid na mahalaga at makabuluhan ang pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Dati, iniisip nila na walang halaga ang mga karanasan nila, pero sa pamamagitan ng patnubay mo, naunawaan nila kung paano sumulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Nakakabuti rin ito sa kanilang buhay pagpasok. Kapag gumagawa ka sa ganitong paraan, saka mo lang natutupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan tungkol sa kung paano dapat inspeksiyonin ng mga lider at manggagawa ang gawain, natutuhan na ba ninyo kung paano inspeksiyonin ang gawain? Ang pag-iinspeksiyon sa gawain ay hindi tungkol sa paghahanap ng mga kamalian o pagiging masyadong mabusisi, kundi tungkol sa pagtingin kung paano isinagawa ang gawain, kung ito ba ay isinaayos, kung mayroon bang sinumang nangangasiwa sa gawain, kung paano umuusad ang gawain, kung kumusta ang pag-usad, kung maayos ba ang daloy nito, kung ginagawa ba ang gawain

ayon sa mga prinsipyo, kung nagbubunga ba ito ng mga resulta, at iba pa. Kasabay nito, kailangan ninyong obserbahan, irebyu, at suriin ang pagiging epektibo ng gawain, at mula rito, maghanap kayo ng mas mabuti at mas angkop na mga paraan para maipatupad ang gawain. Para sa pagsasaayos ng gawain tulad ng pagsasaayos ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, hangga't hindi ito ipinapahinto ng ang Itaas, kailangang patuloy na subaybayan at ipatupad ang gawaing ito, at kapaki-pakinabang ito para sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung pakiramdam ng ilang tao na mayroon nang sapat na mga patotoong batay sa karanasan at hindi na kayang basahin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang lahat ng ito, maaari na bang ihinto ang gawaing ito? Hindi ito maaaring ihinto. Kung mayroong mas maraming patotoong batay sa karanasan, mas mainam iyon; kung mas marami ang patotoong batay sa karanasan, mas magiging masagana ang mga ito—ito ang pinakanakatutulong sa hinirang na mga tao ng Diyos na makapasok sa katotohanang realidad. Ang ilang bagong mananampalataya, pagkatapos mabasa ang mga patotoong ito na batay sa karanasan, ay matututo kung paano danasin ang gawain ng Diyos. Matapos pagdaanan ang isang panahon ng karanasan at pagkakamit ng mga resulta, likas na magagawa nilang sumulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Ang ilang taong may mababababaw na karanasan ay maaaring mapatibay rin sa pamamagitan ng pagbabasa ng medyo mas malalalim na patotoong batay sa karanasan, at maaari silang magkamit ng mas malalalim na karanasan at makapagsulat ng mas magagandang artikulo ng patotoo. Ang mga patotoong ito ay kapaki-pakinabang kapwa sa mga tao sa relihiyon at sa hinirang na mga tao ng Diyos sa sambahayan ng Diyos. Kaya, hindi kailanman maaaring huminto ang gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Kailangang patuloy na subaybayan ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito at hindi nila dapat itigil ito dahil lang sa anumang dahilan o palusot. Isa itong mahalagang aytem ng gawain sa iglesia. Dapat manguna ang mga lider at manggagawa sa pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Ang pagsasagawang ito ang pinakamahusay na nagbubunyag kung nagtataglay ba sila ng katotohanang realidad. Kung hindi nila kayang magsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, hindi sila pasok sa pamantayan bilang mga lider o manggagawa at hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, dapat silang tanggalin at itiwalag. Pagkatapos gawin nang maayos ang gawaing ito, kailangang patuloy na dumalaw ang mga lider at manggagawa sa iba't ibang iglesia para mag-usisa tungkol sa pag-usad ng gawain. Maaari nilang itanong at alamin ang tungkol sa gawain: "Pawang may kaunting karanasan ang ilang kapatid sa inyong iglesia na medyo masigasig sa kanilang paghahangad—maaari ba silang magsulat ng mga artikulo ng patotoo?" Dapat ding tanungin ng mga lider at manggagawa ang mga bagong tumanggap sa tunay na daan kung paano nila siniyasat at nagawang tanggapin ito, at kung maaari ba nilang isulat ang kanilang mga impresyon tungkol dito. Ang mga lider at manggagawa ay hindi lamang kailangang patuloy na mag-usisa, matuto, magsubaybay,

at magpatupad ng gawaing ito, kundi kailangan din nilang inspeksiyonin kung gaano kaayos ang takbo ng pagpapatupad: “Sa panahong ito, nagsaayos ba kayo ng mga taong gagawa ng gawaing ito? Ilang artikulo ng patotoong batay sa karanasan ang naisulat? Ilan ang pasok sa pamantayan? Ano ang proporsiyon ng mga artikulo na pasok sa pamantayan?” Sasagot ang superbisor: “Pagkatapos ng huling pagbabahaginan, may ilan nang naisulat na artikulo ng patotoong batay sa karanasan sa aming iglesia, at naisumite na ang ilang artikulong pasok sa pamantayan. Patuloy naming ginagawa ang gawaing ito.” Ayos lang ito; nangangahulugan ito na nagawa mo nang maayos ang gampaning ito. Kung iisipin ito, mayroon bang direktang ugnayan sa pagitan ng kakayanan ng isang iglesia na makagawa ng mga tunay na artikulo ng patotoong batay sa karanasan at ng ginagampanang papel ng mga lider at manggagawa? Sa isang banda, kailangan mong patuloy na makipagbahaginan tungkol sa aspektong ito ng gawain; sa kabilang banda, kailangan mong manguna bilang isang huwaran, patuloy na mag-usisa tungkol sa gawain, at makilahok at sumubaybay rin sa gawain. Pagkalipas ng ilang panahon ng pagsubaybay at matapos umalis sa iglesiang ito, dapat kang bumalik kalaunan para inspeksiyonin ang pagpapatupad. Hindi ba’t ito ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Para sa bawat pagsasaayos ng gawain na iniatas ng sambahayan ng Diyos, kailangang seryoso itong tratuhin at ipatupad ng mga lider at manggagawa. Dapat madalas mong gamitin ang mga pagsasaayos ng gawain para ikumpara at inspeksiyonin ang lahat ng gawaing nagawa mo. Dapat mo ring suriin at pagnilayan kung aling mga gampanin ang hindi mo nagawa nang maayos o naipatupad nang wasto sa panahong ito. Para sa anumang gampaning itinalaga at hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain na napabayaan, dapat agad kang bumawi at mag-usisa tungkol dito. Kung abala ka sa isang partikular na gampanin at hindi makaalis, puwede mong ipagkatiwala sa iba ang pag-iinspeksiyon at pagsusubaybay sa mga gawaing hindi nagawa nang maayos. Huwag kang basta na lang magbigay ng mga utos at mag-isip na tapos na ang gampanin matapos italaga at isaayos ang gawain, at pagkatapos ay wala ka nang gagawin. Bilang isang lider, responsable ka sa lahat ng gawain, hindi lang sa isang gampanin. Kung nakikita mo na talagang mahalaga ang isang partikular na gampanin, puwede mong pangasiwaan ang gampaning iyon, pero kailangan mo ring maglaan ng oras para mag-inspeksiyon, maggabay, at magsubaybay sa iba pang mga gampanin. Kung kontento ka lang sa paggawa nang maayos sa isang gampanin, at pagkatapos ay itinuturing mong tapos na ang mga bagay-bagay, at nagtatalaga ka ng mga gampanin sa ibang mga tao nang hindi nagmamalasakit o nagtatanong tungkol sa mga ito, isa itong iresponsableng pag-uugali at kapabayaan sa responsabilidad. Kung isa kang lider, ilang gampanin man ang pinananagutan mo, responsabilidad mong palaging magtanong tungkol sa mga ito at mag-usisa, at kasabay nito, inspeksiyonin ang mga ito at lutasin agad ang mga problema pagkalitaw pa lamang ng mga ito. Trabaho mo ito. Kaya nga, lider ka man sa rehiyon, lider sa distrito, lider sa iglesia, o lider o superbisor ng anumang pangkat, kapag

nalaman mo na ang saklaw ng iyong mga responsabilidad, kailangan mong suriin nang madalas kung gumagawa ka ba ng tunay na gawain, kung natupad mo ba ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng isang lider o manggagawa, pati na kung aling mga gampanin—mula sa ilang ipinagkatiwala sa iyo—ang hindi mo nagawa, alin ang ayaw mong gawin, alin ang mga nagbunga ng mga hindi magandang resulta, at alin ang mga may prinsipyong hindi mo naarok. Ito ang lahat ng bagay na dapat mong suriin nang madalas. Kasabay nito, kailangan mong matutong makipagbahaginan at magtanong sa ibang tao, at kailangan mong matutong tumukoy, sa mga salita ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng gawain, ng isang plano, mga prinsipyo, at isang landas para sa pagsasagawa. Sa anumang pagsasaayos ng gawain, nauugnay man ito sa administrasyon, sa mga tauhan, o sa buhay iglesia, o kaya ay sa anumang uri ng propesyonal na gawain, kung binabanggit nito ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ito ay isang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa, at nasa saklaw ng responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ito ang mga gampaning dapat mong asikasuhin. Natural, dapat itakda ang mga priyoridad batay sa sitwasyon; walang gawaing maaaring maiwan. Sinasabi ng ilang lider at manggagawa, “Hindi tatlo ang ulo ko at hindi anim ang braso ko. Napakaraming gampanin sa pagsasaayos ng gawain; tiyak na hindi ko kakayanin kung ako ang aatasang mangasiwa ng lahat ng ito.” Kung may ilang gampaning hindi mo kayang personal na makisangkot, nagsaayos ka ba ng ibang tao na gagawa ng mga ito? Pagkatapos gawin ang pagsasaayos na ito, nagsubaybay ka ba at nag-usisa? Sinuri mo ba ang gawain nila? Siguradong may oras ka naman para mag-usisa at magsuri, hindi ba? Tiyak na mayroon! Sinasabi ng ilang lider at manggagawa, “Paisa-isang trabaho lang ang kaya kong gawin. Kung uutusan mo akong magsagawa ng pagsusuri, paisa-isang gampanin lang ang kaya kong suriin; ang anumang hihigit pa roon ay hindi na magagawa.” Kung ganoon, wala kang kuwenta, lubhang mahina ang kakayahan mo, wala kang kapabilidad sa gawain, hindi ka akma para maging lider o manggagawa, at dapat kang bumaba sa posisyon. Gumawa ka na lang ng gawaing nababagay sa iyo—huwag mong antalahin ang gawain ng iglesia at ang paglago ng buhay ng hinirang na mga tao ng Diyos dahil lang sa napakahina ng kakayahan mo para gumawa ng gawain; kung wala ka ng ganitong katwiran, ikaw ay makasarili at ubod ng sama. Kung mayroon kang ordinaryong kakayahan pero nagagawa mong isaalang-alang ang mga layunin ng Diyos, kung handa kang magsanay, at hindi ka sigurado kung kaya mong gawin nang maayos ang gawain, dapat kang maghanap ng ilang taong may mahusay na kakayahan para makipagtulungan sa iyo sa gawain. Magandang pamamaraan ito, at maituturing na pagkakaroon ng katwiran. Kung masyadong mahina ang kakayahan mo at tunay na wala kang kapabilidad na pasanin ang gawaing ito, pero gusto mo pa ring manatili sa posisyong ito at magtamasa ng mga pakinabang nito, isa kang taong makasarili at ubod ng sama. Ang mga lider at manggagawa ay kailangang magtaglay ng konsensiya at katwiran—ito ay napakahalaga. Kung wala man lang sila ng ganitong pagkatao, tiyak na

hindi sila puwedeng maging lider o manggagawa, at kahit pa gumawa sila ng kaunting gawain, sila ay magiging isang huwad na lider na magdudulot lamang ng pinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos at maglalagay sa panganib sa gawain ng iglesia. Dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang mga layunin ng Diyos; talagang hindi sila dapat maging diktatoryal at umako sa lahat ng bagay nang mag-isa, pagkatapos ay wala naman silang maayos na magagawang anumang gawain at maaantala nila ang lahat ng gawain ng iglesia, pati na ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ba't magiging malaking pagsalangsang iyon? Samakatwid, ang mga taong may napakahinang kakayahan ay talagang hindi maaaring maging lider at manggagawa. Iyong mga walang may-takot-sa-Diyos na puso at hindi kayang magsaalang-alang sa mga layunin ng Diyos ay mas lalong hindi maaaring maging mga lider at manggagawa; hindi sila puwedeng atasan na mangasiwa sa anumang gampanin. Bilang mga lider at manggagawa, mahalagang magkaroon ng kamalayan sa sarili. Kung hindi mo kayang gumawa ng tunay na gawain pero gusto mo pa ring akuin ang lahat, at mahilig kang magtamasa sa mga pakinabang ng katayuan, ito mismo ang depinisyon ng isang huwad na lider, at dapat kang tanggalin at itiwalag.

Matapos pagbahaginan ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, mayroon na ba kayong landas ngayon sa kung paano dapat tratuhin at ipatupad ng mga lider at manggagawa ang mga pagsasaayos ng gawain? (Mayroon.) Mayroon bang anumang suliranin? Sa iba't ibang gampaning nakabalangkas sa loob ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa na napagbahaginan natin, maaaring tumuon lamang ang ilang tao sa isa o dalawang aspekto, habang ang kahit isa o dalawang aspekto ay maaaring hindi man lang maisakatuparan ng iba. Para sa mga lider at manggagawa na kayang tumuon sa isa o dalawang aspekto ng gawain, kung sapat ang kakayahan nila at kaya rin nilang matutuhang subaybayan ang iba pang mga aspekto ng gawain, sila ay halos pasok sa pamantayan. Gayumpaman, kung nananatili lamang sila sa antas ng pangangaral ng mga doktrina at pagdaraos ng mga pagtitipon pero hindi sila makagawa ng partikular na gawain, at kapag inatasang lumahok sa pag-iinspeksiyon at pagsusubaybay sa mga partikular na gampanin, nag-aalala sila, nang walang mga plano, hakbang, o landas na susundan, at hindi alam kung ano ang gagawin, nagpapahiwatig ito ng mahinang kakayahan. Kaya bang ipatupad ng mga taong may mahinang kakayahan ang mga pagsasaayos ng gawain? (Hindi.) Ang gayong mga lider at manggagawa ay hindi pasok sa pamantayan. Paano ninyo dapat harapin ang gayong mga lider at manggagawa? Sabihin sa kanila, "Naiatas na ang mga pagsasaayos ng gawain, at malinaw ang pagkaunawa namin sa kung anong mga gampanin ang gagawin at anong mga prinsipyo ang dapat itaguyod, pero hindi mo alam kung ano ang gagawin at wala kang landas na susundan. Pero ang lakas pa rin ng loob mo na magbahagi at magsermon sa amin. Dapat ka nang bumaba agad sa posisyon mo! Hindi ka angkop na maging lider o manggagawa, hindi mo kayang tuparin ang

responsabilidad na ito. Ipasa mo ito kaagad sa isang taong may kakayahan! Itigil mo ang pagsigaw ng mga islogan dito, wala namang gustong makinig!" Angkop ba na harapin ito sa ganitong paraan? (Oo.) Kung hindi mo magawa ang gawain, ano pa ang silbi ng bulag na pagsigaw ng mga islogan? Lahat ay kayang basahin ang mga salita sa mga pagsasaayos ng gawain; lahat ay kayang magsalita ng mga doktrina—ang mahalaga ay kung paano mo ito aktuwal na ginagawa. Kung hindi mo ito kayang gawin, hindi ka angkop na maging lider o manggagawa. Walang gampanin ang kasingsimple ng pagbibilang ng isa at dalawa. Sa bawat gampanin, kinakailangan ng mga lider at manggagawa na bumuo ng mga partikular na plano ng pagpapatupad sa loob ng saklaw ng mga prinsipyo batay sa partikular na sitwasyon. Kasabay nito, dapat silang matuto kung paano mangasiwa, mag-inspeksiyon, at sumubaybay hanggang sa maipatupad nang maayos ang gawain, ganap na tinutugunan ang mga hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, na nagbubunga at nagkakaroon ng mga resulta. Saka lamang nila natupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa; saka lamang sila pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa.

Ang Saloobin at mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Patungkol sa mga Pagsasaayos ng Gawain

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa kung ano ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa pagdating sa mga pagsasaayos ng gawain. Susunod, pagbabahaginan natin kung ano ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider. Sa mga huwad na lider na nakasalamuha ninyo, ano ang saloobin nila sa mga pagsasaayos ng gawain? Anong mga kilos at pagpapamalas ang ipinapakita nila? Kadalasang nauunawaan ng mga huwad na lider mula sa mga salita ng mga pagsasaayos ng gawain kung ano ang dapat gawin, ang mga partikular na hinihingi ng ang Itaas, at kung ano ang mga partikular na proyekto ng gawain, subalit nauunawaan lang nila ito sa usapin ng doktrina. Hindi pa rin nila nauunawaan o lubusang naiintindihan ang mga partikular na prinsipyo, pamantayan, at landas ng pagsasagawa para sa pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain. Pagkatapos matanggap ang mga pagsasaayos ng gawain, pabasta-basta lang silang gumagawa, nagbabahaginan kung paano gawin ang gawain at kung paano iatas at ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Gayumpaman, gaano man sila magbahaginan, isa lang itong literal at doktrinal na pagkaunawa sa mga pagsasaayos ng gawain. Tungkol naman sa kung paano partikular na ipapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain at kung anong mga resulta ang maaaring makamit, pati na kung gaano kaepektibo ang magiging pagpapatupad kung pipili sila ng ilang tao na gagawa sa gawain o pipili ng isang plano para ipatupad ito, o kung kaya bang matugunan ang mga layon at resulta na hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain, hindi nila namamalayan at hindi malinaw sa kanila ang mga aspektong ito. Kapag ipinatutupad ng mga huwad na lider ang mga pagsasaayos ng gawain, kadalasan ay nagdaraos lang sila ng isang pagtitipon para mangaral ng ilang salita at doktrina, magtalaga ng gawain,

magbanggit ng ilan sa mga hinihingi ng Diyos, at pagkatapos ay manghikayat sa lahat na ipahayag ang kapasyahan ng mga ito. Itinuturing nila ito na paggawa ng kanilang trabaho. Naniniwala sila na hangga't itinalaga na nila ang gawain, itinakda ang isang tao para mangasiwa, at binanggit ang mga resultang hinihingi ng sambahayan ng Diyos, natupad na nila ang kanilang responsabilidad. Pagkatapos ay ganap silang nakakampante, na para bang tapos na ang gawain. Wala silang ideya kung kailan iinspeksyonin ang gawain, kung anong mga problema at paghihirap ang maaaring lumitaw sa gawain, at kung aling mga problema ang kaya at hindi kayang lutasin ng mga nasa ibaba. Hindi rin nila alam kung aling mahahalagang gampanin ang kailangang subaybayan at bigyan ng patnubay. Halimbawa, ang mahahalagang hakbang tulad ng pangangasiwa, panghihikayat, at pag-iinspeksiyon ay hindi kailanman sumasagi sa isipan ng mga huwad na lider. Ang medyo mas mabubuting huwad na lider, na medyo may kaunting konsensiya at ayaw kumain nang libre, ay naniniwala na dapat silang gumawa ng ilang gawain. Dadalawin nila ang iglesia at tatanungin ang mga kapatid kung mayroong anumang problema ang mga ito. May isang kapatid na magsasabi sa kanila, "Kaming magkakapatid ay madalas na may mga hindi pagkakasundo kapag magkakasama kami. Kapag hindi magkakatugma ang mga opinyon namin, walang tigil kaming nagtatalo at nagbubunyag ng pagkamainitin ng ulo." Sasabihin ng mga huwad na lider, "Madali lang itong lutasin," at pagkatapos ay magdaraos sila ng isang pagtitipon, kung saan makikipagbahaginan sila: "Ang mga tao ay dapat matuto ng pagtitimpi at pagpapasensiya; ang mga tao ay dapat matutong magpakumbaba, hindi maging mayabang, at matutong magpasakop. Ito ang layunin ng Diyos. Ang sinumang nagbubunyag ng tiwaling disposisyon ay dapat pagnilayan ang sarili at tumanggap ng pagpupungos, hindi mamuhay ayon sa kanyang tiwaling disposisyon." Pagkatapos nilang pagbahaginan ang lahat ng doktrinang ito, sasabihin nila, "Kayo-kayo na ang mag-asikaso ng mga natitirang isyu. Hindi ako masyadong mahusay sa mga teknikal na usapin. Kahit papaano, idinaos ko ang pagtitipong ito para sa inyo; gawin na lang ninyo ang gawain ayon sa paraang sa tingin ninyo ay naaangkop. Ang susi at mahalagang bagay ay maging tapat sa paggawa ng inyong mga tungkulin at huwag kumapit sa sarili ninyong mga ideya." Pagkatapos makinig, magninilay-nilay ang mga tao at sasabihin nila, "Ang problema namin ay hindi lang ang pagbubunyag ng katiwalian, pagkamainitin ng ulo, at mga makasariling pagnanais, kundi pati na rin ang kawalan namin ng katiyakan at kalinawan tungkol sa ilang teknikal na isyu, at hindi rin alam kung paano kumilos ayon sa mga prinsipyo. Hindi pa nalulutas ang problemang ito!" Sasagot ang mga huwad na lider, "Magbasa pa kayo ng mga salita ng Diyos. Kapag nalutas na ang mga tiwaling disposisyong ibinubunyag ninyo, malulutas na rin ang mga isyung ito." Ang gawain na pinakamahusay ang mga huwad na lider ay ang paglilitanya ng mga doktrina at pagsigaw ng mga islogan. Hindi nila pinaghahandaan ang mga malimit na problemang maaaring lumitaw sa gawain. Kapag may nagbabanggit ng isang isyu, iisa lang din ang solusyon nila, at iyon ay ang magpaliwanag gamit ang ilang salita at doktrina, pagkatapos ay ang

magbigay ng kaunting panghihikayat o payo, at ang ituring itong tapos na. Hindi sila makapag-isip ng anumang mga partikular na plano at hindi makapagbigay ng wastong patnubay at tulong. Hindi ba't simple at madali ang gawain ng mga huwad na lider? Saanman sila magpunta, pangangaral lang ang ginagawa nila, na pangunahing nakatuon sa pagsasalita ng mga doktrina at pagsigaw ng mga islogan. Medyo karaniwan ang ganitong sitwasyon sa mga lider at manggagawa, hindi ba? Hindi nila kayang magpatupad ng partikular na gawain at hindi sila marunong magsagawa, magpatupad, o sumubaybay sa mga pagsasaayos ng gawain na iniaatas. Hindi nila alam kung ano ang mga responsabilidad nila sa gawain o kung anong mga gampanin ang dapat nilang gawin. Kapag inatasan silang gumawa ng partikular na gawain, sumisigaw lang sila ng mga islogan. Kapag may nagbabanggit ng isang isyu, itinuturing nila itong pagkakataon para magsimulang mangaral. Kapag may nagbanggit ng isang mahalagang isyu na hindi nila kayang lutasin, nauuwi sila sa pagpupungos at pagsaway sa mga tao. Wala silang ibang mga solusyon at hindi talaga nila kayang lutasin ang mga problema at paglihis na lumilitaw sa gawain. Isa itong pangunahing katangian ng mga huwad na lider. May mga huwad na lider din na inaatasang magpatupad ng isang pagsasaayos ng gawain at mag-inspeksiyon sa kung aling mga suliranin ang lumilitaw habang isinasagawa ang gawain—kung kaya nilang lutasin ang mga suliranin, dapat nila itong gawin kaagad; kung hindi nila kaya, maaari silang mag-ipon ng ilang katanungan at maghanap paitaas, at lulutasin ng ang Itaas ang mga ito. Pero ang nangyayari, kapag pumupunta sila sa aktuwal na lugar para lumahok sa gawaing ito, ipinatatawag nila ang lahat para sa mga pagtitipong nagtatagal nang buong araw, at bukod sa pagtuklas sa kung sino-sino ang may mga alitan, sino ang laging nagtatalo, sino ang may hindi gaanong mabuting pagkatao, sino ang may baluktot na pagkaarok, sino ang mayabang at palaging kumakapit sa sarili nitong mga ideya, sino ang matakaw at tamad, sino ang katulad ng mga hindi mananampalataya, at sino-sino ang masasamang tao, hindi nila matukoy ang anumang problema o suliraning lumilitaw sa pagpapatupad ng gawain, ni hindi rin nila makita ang mga isyung ito. Sa tingin ba ninyo ay kayang isakatuparan ng gayong mga lider at manggagawa ang kanilang gawain? (Hindi.) Saan ba may problema? (Masyadong mahina ang kakayahan nila, wala silang abilidad na kumilatis, at hindi nila matukoy ang mga problema.) Gaano karami ng gayong klase ng lider ang nasa paligid ninyo? Kaya bang tumukoy ng mga problema ang mga lider ninyo? Kung iniatas ang isang pagsasaayos ng gawain at ang mga lider at manggagawa ay sumisigaw lang ng mga islogan at nangangaral ng walang anumang partikular na plano o hakbang para maipatupad ang pagsasaayos ng gawain, nang hindi nalalaman kung paano gawin ang gawain, kung gayon, hindi maipatutupad ang gawain. Ito ay nagiging tunay na walang saysay at walang bisa. Ang susi sa kung gaano kahusay na naipapatupad ang isang pagsasaayos ng gawain sa iglesia at kung gaano ito ka-epektibo ay nakasalalay sa kung kayang gumawa ng mga lider at manggagawa ng tunay na gawain. Kung ang mga lider at manggagawa ay may mahusay na kakayahan, kapabilidad sa gawain, at may

katapatan, kung gayon, maipapatupad nang maayos ang pagsasaayos ng gawain. Kung ang mga lider at manggagawa ay may mahinang kakayahan, naguguluhan, at walang kapabilidad sa gawain, kung gayon, kahit pa mayroong sinumang may talento sa larangan ng gawain sa loob ng iglesia o kahit gaano pa kahanda ang mga kapatid na gawin ang parte nila, hindi pa rin maipapatupad ang pagsasaayos ng gawain, at mas lalong hindi ito magkakamit ng anumang resulta.

Ang gawain ng mga huwad na lider ay limitado lang sa nakikita ng mga tao sa panlabas. Kahit na talagang nagpapatupad sila ng mga pagsasaayos ng gawain, bilang pormalidad lang ito, nang walang anumang pagsusubaybay o pag-iinspeksiyon pagkatapos. Ang gawain nila ay nananatili lang sa antas ng paggawa nang pabasta-basta; wala itong anumang tunay na puwersa sa likod nito at bigo itong magkamit ng anumang resulta. Halimbawa, sa gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, pagkatapos matanggap ang pagsasaayos na ito ng gawain, nagpapatawag ang isang huwad na lider ng mga tao para sa mga pagtitipon para magbahaginan at sagutin ang iba't ibang katanungan ng mga tao tungkol sa pagsasaayos ng gawain na hindi nauunawaan ng mga ito. Pagkatapos niyang mangaral ng mga doktrina, at tila nakauunawa naman ang mga tao, iisipin ng huwad na lider, "Naiatas na ang gawain, kaya ano ang dapat kong gawin? Dahil hinihingi ng sambahayan ng Diyos na magsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan, kailangan ko ring magsulat. Kung hindi ako magsusulat, hindi ba't magiging mababa ang tingin ng mga tao sa akin bilang lider?" Nagninilay-nilay siya sa bahay tungkol sa kung ano ang isusulat, at pagkalipas ng isang araw, wala pa rin siyang naisusulat. Iisipin niya, "Napakahirap magsulat ng artikulo. Karaniwan, pakiramdam ko ay mayroon akong mga karanasan, pero bakit naglalaho ang mga ito kapag nagsisimula na akong magsulat? Saan napunta ang mga karanasang iyon? Hindi, may mga karanasan naman ako, kaya lang, napipigilan ako ng paraan ng pagsusulat. Palagi kasi akong lumalabas at nakikisalamuha sa mga tao, na nakaaabala sa isipan ko, kaya nahihirapan akong magpokus. Hindi puwedeng palagi na lang akong nakikipagbahaginan at nakikipagtalakayan tungkol sa gawain kasama ang mga tao; kung hindi, palagi na lang lilipad ang isip ko, at hindi ako makasusulat ng artikulo. Kailangan ko ng oras ng katahimikan para maingat na pag-isipan kung paano ito isusulat nang maayos bago ako makapagsusulat." Ginagawa nilang pangunahing gampanin ang pagsusulat ng mga artikulo at itinuturing na karagdagang gampanin lang ang gawain na dapat ginagawa ng isang lider o manggagawa. Buong araw silang nagsusulat ng mga artikulo sa bahay, hindi sila nagbibigay-pansin sa pagpapatupad ng gawain at hindi nila inaaral o inaarok kung ilang tao sa iba't ibang iglesia ang kayang magsulat ng mga artikulo o kung mayroon bang mga angkop na tao na gagabay at susuri sa gawain—wala silang ideya tungkol sa mga bagay na ito. Lumilipas ang isang buwan, at bukod sa hindi sila nakapagsulat ng isang artikulo, hindi rin nila alam kung paano na umuusad ang gawaing ito sa iglesia. Ano ang problema rito? Pagkatapos iatas ang pagsasaayos ng gawain, ang ilang lider ng iglesia na may mahinang kakayahan ay hindi

marunong gumawa ng tunay na gawain. Katulad ng indibidwal na ito, nangangaral lang sila ng ilang salita at doktrina at sumisigaw ng mga islogan, at iyon na iyon. Hindi mahalaga sa kanila kung handa man ang mga kapatid na magsulat o hindi; hindi hinihikayat o pinapatnubayan ng mga lider ang mga kapatid, lalong hindi nila iwinawasto ang mga ito. At hindi inaalala ng huwad na lider ang gayong mga lider at manggagawa. Nagsusulat ang ilang kapatid ng isang uri ng artikulo, at ang ilan ay sumusulat naman ng ibang uri, pero walang nagsusuri kung ang sinusulat nila ay praktikal at alinsunod sa mga prinsipyo. Hindi nauunawaan ng mga kapatid ang mga prinsipyo at hindi nila alam kung kanino magtatanong; nagsusulat lang sila dahil sinabihan silang magsulat, sinusunod nila ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. May ilan din na may mga karanasan pero hindi nakapag-aral; walang tumutulong sa mga taong ito na mag-edit ng kanilang mga artikulo, at walang gumagawa ng mga pagsasaayos para sa usaping ito. Lumilitaw ang lahat ng uri ng problema, at nasaan ang mga lider at manggagawa? Ano ang ginagawa nila? Sila ay “nakabukod” na nagsusulat ng mga artikulo! Hindi alam ng mga huwad na lider kung ano ang dapat nilang pagkaabalahan o kung anong mga gampanin ang dapat nilang gawin. Ang mga pagsasaayos ng gawain ay ipinatutupad sa iglesia sa iba’t ibang paraan, nang may iba’t ibang pamamaraang ginagamit, at hindi sila nag-uusisa tungkol sa alinman dito. Kapag nahaharap ang mga kapatid sa iba’t ibang problema habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin at iniuulat ang mga problemang ito sa mga huwad na lider, hindi nilulutas ng mga huwad na lider ang mga ito. Bilang resulta, maraming problema at suliranin ang natatambak, at naiipon din ang kung ano-anong uri ng artikulo ng patotoong batay sa karanasan nang walang sinumang nag-eedit, sumusuri, o nagsisiyasat sa mga ito. Gayumpaman, hindi sinusubaybayan o iniinspeksiyon ng mga huwad na lider ang mga isyung ito, at hindi sila mahanap ng mga kapatid kapag may mga problema ang mga ito. Hindi napagtatanto ng mga huwad na lider na responsabilidad nila ang gawaing ito at na dapat nilang subaybayan ang gawaing ito. Hindi ba’t basura sila? (Oo nga.)

Kung paano ipinatutupad ng isang lider o manggagawa ang gawain, gayundin ang kahusayan at mga resulta ng kanyang gawain, ay sumusubok kung siya ba ay pasok sa pamantayan. Sinusubok din nito ang kanyang pagkatao, ang kanyang kakayahan at kapabilidad sa gawain, at kung mayroon ba siyang pagpapahalaga sa pasanin. Kapag nakatatanggap ang mga huwad na lider ng isang pagsasaayos ng gawain, itinuturing nilang tapos na ito pagkatapos nilang makipagbahaginan tungkol dito. Hindi sila nakikilahok, nangangasiwa, nanghihikayat, o nag-iinspeksiyon sa pagpapatupad, ni hindi nila ito sinusubaybayan. Hindi nila naiintindihan na ang mga gampaning ito ang dapat nilang ginagawa; hindi nila naiintindihan na ang mga gampaning ito ang kanilang mga responsabilidad bilang mga lider at manggagawa. Naniniwala sila na ang pagiging lider o manggagawa ay nangangailangan lang ng kakayahang mangaral. Hindi ba’t sila ay mga taong mapurol ang isip? Maaari bang maging pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa ang mga taong mapurol ang isip? (Hindi.) Hindi sila maaaring

maging pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa, pero iniisip nila na talagang mahusay sila at naniniwala sila na kaya nilang gawin ang gawain. Hindi ba't kulang sila sa talas ng pag-iisip? Ni hindi nila maipatupad ang isang simpleng gampanin tulad ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan. Ito ang isa sa mga pinakamadaling gampanin—pakilusin mo lang ang mga may mahusay na kakayahan at karanasan sa buhay para magsulat ng mga artikulo ng patotoo, at pagkatapos ay magsubaybay ka at magbigay ng gabay. Ang ilang lider at manggagawa ay may katamtamang kakayahan at mababang pinag-aralan, at hindi mahusay sa gawaing nakabatay sa teksto, pero puwede silang magtalaga ng mga angkop na tao na mangangasiwa. Sa ganitong paraan, makagagawa pa rin sila ng ilang tunay na gawain. Kung ni hindi nila alam kung anong uri ng mga tao ang itatalaga nila para mangasiwa at magsagawa ng pagsisiyasat, hindi nila magagawa ang gawain at sila ay mga huwad na lider. Sinasabi ng ilang tao, "Maaaring hindi makagawa ng gawaing nakabatay sa teksto ang isang huwad na lider dahil sa mahinang kakayahan at mababang pinag-aralan, pero dapat niyang magawa ang iba pang gawain." May katuturan ba ang pahayag na ito? (Wala.) Bakit wala itong katuturan? (Ang gawain ng pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan ay simple lang. Kung hindi nila ito maipaliwanag nang malinaw o hindi nila maipatupad ang gawain, tiyak na hindi nila kayang pangasiwaan ang iba pang mga gampanin. Hindi nila alam kung paano gawin o subaybayan ang gawain.) Ipinapakita nito na masyadong mahina ang kakayahan nila. Sila ay mga taong mapurol ang isip. Iniisip nila na ang pagiging isang lider o manggagawa ay katulad ng pagiging isang opisyal ng malaking pulang dragon: Hangga't marunong silang mambola, magyabang, sumigaw ng mga islogan, at magsagawa ng pandaraya, nililinlang ang mga nakatataas sa kanila at nagtatago ng mga bagay-bagay mula sa mga nasa ibaba nila, maaari na nilang itatag ang kanilang sarili at makakukuha na sila ng suweldo ng gobyerno. Hindi nila nauunawaan na ang pinakamahalagang aspekto ng pagiging lider o manggagawa ay ang pagkatutong gumawa ng tunay na gawain. Iniisip nila na napakasimple ng trabaho ng mga lider at manggagawa. Bilang resulta, hindi sila gumagawa ng tunay na gawain at nagiging huwad na lider sila.

Ano pang ibang partikular na mga pagpapamalas mayroon ang mga huwad na lider? Nakikilatis at naaarok ba ng mga huwad na lider ang mga prinsipyo at pamantayang hinihingi sa mga pagsasaayos ng gawain? (Hindi.) Bakit hindi? Hindi nila makilatis kung ano ang mga prinsipyo ng gawaing ito, at hindi nila ito maberipika. Kapag may mga espesyal na sitwasyon na lumilitaw sa panahon ng partikular na pagpapatupad ng gawain, hindi nila alam kung paano lutasin ang mga ito. Kapag tinatanong sila ng mga kapatid kung ano ang gagawin sa isa sa mga sitwasyong ito, nalilito sila: "Hindi ito nabanggit sa pagsasaayos ng gawain, paano ko malalaman kung paano ito pangangasiwaan?" Kung hindi mo alam, paano mo ipapatupad ang gawaing ito? Hindi mo nga alam pero hinihiling mo pa sa iba na ipatupad ito—makatotohanan ba iyon? Makatwiran ba iyon? Kapag nagpapatupad ang mga huwad na lider at huwad na

manggagawa ng mga pagsasaayos ng gawain, sa isang banda, wala silang ideya tungkol sa mga hakbang at plano para sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain. Sa kabilang banda, kapag naharap sa mga problema, hindi nila kayang magsagawa ng pagbeberipika ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain. Samakatwid, kapag lumitaw ang maraming iba't ibang uri ng isyu sa panahon ng pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain, ganap na hindi nila kayang lutasin ang mga ito. Dahil sa mga unang yugto, hindi matukoy o mahulaan ng mga huwad na lider ang mga problema at hindi sila nakikipagbahaginan nang maaga, at sa mga huling yugto, kapag lumilitaw ang mga problema, hindi nila malutas ang mga ito kundi nangangaral lang sila ng mga doktrina nang walang kabuluhan at mahigpit nilang ipinapatupad ang mga regulasyon, patuloy na pabalik-balik at nananatili ang mga problema, naaantala ang pagpapatupad ng ilang gawain, at hindi napapatupad nang sapat ang iba pang gawain. Halimbawa, tungkol sa pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos para sa pagpapaalis at pagpapatalsik sa mga tao, kapag isinasagawa ng mga huwad na lider ang gawaing ito, inaalis lang nila ang mga halatang masamang tao, anticristo, at masamang espiritu na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, pati na rin ang mga hindi mananampalataya na kinasusuklaman at kinamumuhian ng mga kapatid. Gayumpaman, mayroon pa ring ilan na dapat paalisin, at iyon ang mga nakatago, mapanlinlang, tusong masamang tao at anticristo. Hindi sila nakikilatis ng mga kapatid, maging ng mga huwad na lider. Sa katunayan, ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, umabot na ang mga taong ito sa antas ng pagpapaalis. Gayumpaman, dahil hindi nakikilatis ng mga huwad na lider ang mga ito, itinuturing pa rin ng mga huwad na lider ang mga taong ito bilang mabuti at inaangat, nililinang, at ginagamit pa nga ang mga ito para sa mahalagang gawain, na nagpapahintulot sa mga ito na humawak ng kapangyarihan at sumakop ng mahahalagang posisyon sa gawain sa iglesia. Kung gayon, maipapatupad ba ang pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos na paalisin at patalsikin ang mga tao? Lubusan bang malulutas ang iba't ibang problema? Makapagpapatuloy ba nang normal ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo? Malinaw na hindi puwedeng lubusang maipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at maraming mahalagang gawain ang hindi magagawa nang maayos. Dahil walang anumang katotohanang realidad ang mga taong ginagamit ng mga huwad na lider at kaya pang gumawa ng masasamang gawa, pinipigilan nito ang iba't ibang aytem ng gawain sa iglesia na maisagawa nang maayos. Ginagamit ng mga huwad na lider ang masasamang taong ito, hinahayaan ang mga ito na gumawa ng mahahalagang tungkulin at umako ng mahalagang gawain sa iglesia, pinapayagan pa nga ang masasamang taong ito na pamahalaan ang mga handog. Makagagambala at makagugulo ba ito sa gawain ng iglesia? Magdudulot ba ito ng mga kawalan sa mga handog sa Diyos? (Oo.) Isa itong napakalubhang kahihinatnan. Dahil hindi makilatis ng mga huwad na lider ang mga taong ito, dahil hindi nila magawang siyasatin ang mga ito, at hinahayaan nilang umako ng mahahalagang gawain ang

masasamang taong ito, ganap na pumapalpak ang gawain. Sa paggawa ng mga tungkulin nila, ang masasamang taong ito ay palaging gumagawa nang pabasta-basta, nililinlang ang mga nasa itaas nila at nagtatago ng mga bagay-bagay mula sa mga nasa ibaba nila, at walang ginagawang tunay na gawain; kumikilos sila nang padalos-dalos, inililigaw ang mga tao, at gumagawa ng lahat ng uri ng masamang gawa. Gayumpaman, hindi sila makilatis ng mga huwad na lider, at sa oras na mapansin ng mga huwad na lider ang mga problema, nangyari na ang isang malaking sakuna. Halimbawa, sa pastoral na lugar ng Henan, gumamit ng iba't ibang kasuklam-suklam na paraan ang ilang masamang tao na naging lider para nakawin ang mga handog sa Diyos; nagnakaw sila ng malalaking halaga, at hindi na nabawi ang mga halagang ito. May kaugnayan ba ito sa pagpili at paggamit ng mga lider at manggagawa sa mga maling tao? (Oo.) Ayon sa mga pagsasaayos ng gawain, kung hindi makilatis ang mga piniling tao, puwede silang italaga muna sa paggawa ng ilang simpleng gawain, at maaaring subaybayan ang gawain nila at obserbahan sila sa loob ng ilang panahon. Hindi dapat italaga sa anumang mahalagang gawain ang mga taong hindi makilatis, lalo na kung may kasama itong panganib. Pagkatapos ng matagalang obserbasyon at pagkilatis sa diwa nila, saka lang dapat gumawa ng mga desisyon kung paano sila tatratuhin at pangangasiwaan. Hindi gumagawa ang mga huwad na lider ayon sa mga pagsasaayos ng gawain at hindi nila kayang arukin ang mga prinsipyo; higit pa rito, hindi nila kayang makilatis ang mga tao at ginagamit nila ang mga maling tao. Humahantong ito sa mga kawalan sa gawain ng iglesia at sa mga handog sa Diyos. Ito ang kalamidad na dulot ng mga huwad na lider. Sinasadyang gamitin ng mga anticristo ang masasamang tao, samantalang ang mga huwad na lider ay magulo ang isip, hindi nila makilatis ang sinuman, at hindi rin nila malinaw na maunawaan ang diwa ng anumang problemang natutukoy nila. Gumagamit at nagtatalaga sila ng mga tao batay lamang sa kanilang mga damdamin. Karamihan sa mga taong isinasaayos ng mga huwad na lider ay hindi angkop; nagsasanhi sila ng mga kawalan sa gawain ng iglesia, nang may mga kahihinatnan na kapareho sa sadyang paggamit ng mga anticristo ng masasamang tao. Ang mga huwad na lider, na may mahinang kakayahan at walang abilidad gumawa ng gawain, ay nagdudulot din ng masyadong mabibigat na resulta, hindi ba? (Oo.) Kaya, huwag isipin na ang mga anticristo lang ang lumalabag sa mga pagsasaayos ng gawain; ang mga huwad na lider ay maaaring lumabag din sa mga pagsasaayos ng gawain. Kahit hindi ito sinasadya, ang kalikasan nito sa huli ay isa pa ring paglabag sa mga pagsasaayos ng gawain. Ang mga huwad na lider, dahil sa kawalan ng pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo at kawalan ng kakayanang makilatis ang mga tao o mga bagay-bagay, ay nauuwi sa paglabag sa mga pagsasaayos ng gawain at sa kawalan ng kakayanang gumampan ng tunay na gawain. Inaantala nito ang gawain ng iglesia at pinipinsala ang mga hinirang ng Diyos. Ang kalikasan at mga kahihinatnan ng kanilang mga kilos ay kapareho ng sa mga anticristong gumagawa sa gawain, na nagdudulot din ng mga kawalan sa gawain ng iglesia at pumipinsala sa buhay pagpasok ng mga kapatid.

Ang mga huwad na lider, kapag gumagawa ng gawain at nagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain, ay pabasta-basta lang na gumagawa at nagiging sanhi ng ganap na kapalpakan ng mga bagay-bagay. Sila ay sobrang mapagmagaling at hindi kailanman naghahanap o nakikipagbahaginan, hangal nilang iniisip na mayroon silang mahusay na kakayahan; nangangahas silang gumawa ng aksiyon, at mahusay silang magsalita. Dahil inihalal sila ng mga kapatid o pansamantala silang inaangat at nililinang ng sambahayan ng Diyos, iniisip nila na pasok sila sa pamantayan bilang mga lider at na kaya nilang tuparin ang kanilang mga responsabilidad. Ang hindi nila alam, wala silang kuwenta, at hindi nila kayang tuparin ang alinman sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Wala silang panukat sa sarili nilang mga kakulangan; walang kahihiyan silang mapangahas na gumagawa ng mga bagay-bagay. Bilang resulta, pagkatapos iatas ang iba't ibang pagsasaayos ng gawain, hindi nila kayang ipatupad ang mga ito ayon sa mga hinihingi mula sa ang Itaas. Ang bawat pagsasaayos ng gawain na pinangangasiwaan nila ay nauuwing ganap na palpak at lubusang magulo. Mahina ang pagpapatupad nila ng gawaing administratibo; hindi malinaw sa kanila kung ilang bagong mananampalataya ang nakamit sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo, kung paano magtatag ng mga iglesia, pumili ng mga lider at diyakono, at kung paano magsagawa ng buhay iglesia. Pagdating sa kung sino ang may pinakamaraming resulta sa pangangasiwa ng gawain ng ebanghelyo, kung sino ang pinakaepektibong nagpapatotoo, kung sino ang pinakaangkop na magdilig sa iglesia, kung sinong mga lider ng pangkat ang dapat iayos ang mga tungkulin o tanggalin dahil sa pagiging iresponsable, at kung paano lutasin ang mga problemang lumilitaw sa ilang aspekto ng gawain, hindi malinaw sa mga huwad na lider ang tungkol sa lahat ng partikular na gampaning ito, at ganap silang pumapalpak sa kanilang gawain. Hinggil sa iba't ibang propesyonal na gampanin sa iglesia na nangangailangan ng mas mataas na antas ng teknikal na kadalubhasaan, ganap din na pumapalpak ang mga huwad na lider sa mga ito. Wala silang ideya kung paano partikular na isagawa ang mga gampaning ito. Kahit na gusto nilang mag-usisa tungkol sa mga ito, hindi nila alam kung paano ito gagawin. Gusto nilang tanungin ang ang Itaas kung paano harapin ang mga gampaning ito, pero ni hindi nila alam kung paano sasabihin ang kanilang mga katanungan. Dahil dito, hindi magagawa ang gawain. Maging ang simpleng gampanin ng pamamahala sa mga pag-aaring kinakailangan ng mga pagsasaayos ng gawain—pagtatalaga ng mga angkop na tao para mangalaga at magtalaga ng mga pag-aari, at pagtatatag ng iba't ibang sistema—ay isang bagay na hindi kayang pangasiwaan ng mga huwad na lider. Ganap silang pumapalpak dito. Ang mga huwad na lider ay lubos na nalilito sa bawat gampaning pinangangasiwaan nila. Kapag tinanong kung naipatupad ba nila ang mga pagsasaayos ng gawain, may pagmamalaki at kumpiyansa nilang sinasabi, "Oo, naipatupad ko na. May kopya ng mga pagsasaayos ng gawain ang lahat, at alam ng lahat kung anong gawain ang hinihingi ng sambahayan ng Diyos." Kung tatanungin mo sila kung paano nila ito ginawa, na ipaliwanag nila ang mga partikular na hakbang ng

gawain, kung aling mga gampanin ang hindi gaanong nagawa nang maayos, kung aling mga gampanin ang mas maayos na nagawa, kung nagawa ba nang tama ang bawat gampanin, kung aling mga gampanin ang kailangang patuloy na subaybayan at inspeksiyonin, at kung mayroon bang mga problemang natuklasan pagkatapos ng pag-iinspeksiyon, wala silang kaalam-alam tungkol sa lahat ng ito. Ang ilang huwad na lider, mula nang maging lider sila, ay hindi man lang alam kung ano ang mga gampaning kailangan nilang gawin o kung ano ang saklaw ng kanilang responsabilidad. Hindi ba't lalo pa itong nakakaabala? Sa kasalukuyan, karamihan ba sa mga lider at manggagawa ay may ganitong problema sa iba't ibang antas? (Oo.)

Ang Pamantayan sa Pagsubok Kung ang mga Lider at Manggagawa ay Pasok sa Pamantayan

Sa pamamagitan ng pagbabahaginan ngayong araw, mayroon na ba kayong mas malinaw na pagkaunawa sa mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa, at superbisor? Mayroon na ba kayong naiisip na mas magandang ideya? Mas tumpak na ba ang pagkaunawa ninyo sa papel ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Sa isang banda, ang mga lider at manggagawa ay nagkamit ng kaunting pagkaunawa tungkol sa kung aling mga gampanin ang dapat nilang gampanan; sa kabilang banda, ang lahat ay mayroon nang ilang landas ngayon sa pagkilatis kung ang isang lider o manggagawa ay pasok ba sa pamantayan. Ayon sa mga hinihingi ng ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pasok ba sa pamantayan ang karamihan ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Kung gayon, sino-sinong mga lider at manggagawa ang maaaring maging pasok sa pamantayan, at sino-sino ang hindi? Iyong mga may kakayahan na pasok sa pamantayan, may kaunting praktikal na karanasan, may mga prinsipyo sa kanilang pangangasiwa sa mga bagay-bagay, at may pagpapahalaga sa pasanin para sa gawain ng iglesia, ay maaaring maging pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa pagkatapos ng ilang panahon ng pagsasanay. Gayumpaman, ang mga may mahinang kakayahan at walang abilidad na umarok, na hindi makaarok sa mga prinsipyo kahit gaano pa karaming katotohanan ang pinagbabahaginan, ay hindi maaaring maging pasok sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa at maaari lamang silang matiwalag. Samakatwid, kung gusto mong maging isang lider o manggagawa na pasok sa pamantayan, at gusto mong mapili ng iba bilang lider o manggagawa, dapat mo munang suriin kung sapat ba ang kakayahan mo. Paano mo ito masusuri? Sa pamamagitan ng pagtingin kung kaya mo bang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain. Gamitin ang isang pagsasaayos ng gawain kamakailan, basahin ito, at subukin ang iyong sarili para makita kung mayroon ka ba ng mga hakbang at plano para sa pagpapatupad nito. Kung mayroon kang mga ideya at plano at alam mo kung paano ito ipatupad, dapat mong akuin ang gawain bilang iyong obligadong tungkulin kapag pinili ka ng mga kapatid. Gayumpaman, kung pagkatapos basahin ang pagsasaayos ng gawain ay blangko ang isipan mo, lubos mong hindi makilatis kung sino

ang pinakaangkop na isaayos na mangasiwa sa gawain, at higit pa roon ay hindi mo makilatis kung paano partikular na ipatupad ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, ni hindi mo rin alam kung paano makipagbahaginan, mangasiwa, mag-inspeksiyon, at sumubaybay, at wala kang maisip na mga hakbang o plano para sa pagpapatupad, pero pinagkakamalan ka ng ilang kapatid na isang taong may napakahusay na talento at angkop na maging lider o manggagawa, ano ang dapat na maging saloobin mo? Dapat mong sabihin, "Salamat sa papuri mo, pero sa totoo lang, wala akong gaanong talento. Wala akong kakayahan para dito—mali ang paghusga mo sa akin. Kung pipiliin mo ako bilang lider, maaantala nito ang gawain ng iglesia. Alam ko ang sarili kong tayog; ni hindi ko alam kung paano ipatupad ang isang simpleng pagsasaayos ng gawain—wala akong ideya kung saan magsisimula at wala akong kahit anong palatandaan. Kung walang pagkaunawa sa katotohanan, hindi magagawa nang maayos ang gawain ng iglesia. Kahit pa italaga ako ng ang Itaas, hindi ko ito magagawa. Hindi talaga ako nababagay para sa papel na ito." Ano ang tingin mo sa ganitong uri ng pag-amin? Ang ganitong pagharap ay nagpapakita ng katwiran; ang mga taong nagsasabi nito ay mayroong mas higit na katwiran kaysa sa mga huwad na lider. Ang mga huwad na lider ay hindi kailanman makapagsasabi ng isang bagay nang may ganitong antas ng katwiran. Ang iniisip ng mga huwad na lider ay, "Pinili ako, kaya nararapat akong maging lider. Paanong hindi? May talento ako, kaya karapat-dapat ako. Problema ba ang hindi magawang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain? Sino ba ang ipinanganak na marunong nang gumawa nito? Hindi ba't puwede ko naman itong matutuhan? Hangga't kaya kong mangaral, sapat na iyon. Mayroon akong espirituwal na pang-unawa, alam ko at nauunawaan ko ang mga salita ng Diyos, kaya kong makipagbahaginan, at kaya kong mahanap ang landas ng pagsasagawa sa mga salita ng Diyos. Sanay ako sa paglutas ng mga tiwaling disposisyon at iba't ibang kalagayan ng mga tao. Ang pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay hindi malaking usapin. Hindi ba't ito ay gawain lang ng pamamahalang administratibo? Nag-aral ako noon ng pamamahalang administratibo, kaya ang kaunting gawaing ito ng sambahayan ng Diyos ay hindi na problema para sa akin!" Hindi ba't nanganganib ang gayong tao? (Oo.) Nasaan ang panganib? Nakikilatis ba ninyo ang usaping ito? (Hindi nila kayang gawin ang gawain at gagambalain at guguluhin nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi lang nila pinipinsala ang kanilang sarili at ang mga kapatid, kundi inaantala rin nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos.) Pinsala lang ba ito? Iyon ba ang kahahantungan nito sa huli? Kung iyon lamang, maaari pa rin itong malunasan. Ang pangunahing isyu ay na kung magpapatuloy ang isang huwad na lider sa kanyang papel sa loob ng mahabang panahon, susundan niya ang landas ng mga anticristo at sa huli ay magiging isang anticristo siya. Sa tingin mo ba, ganoon lang kasimple ang pagiging lider o manggagawa? Ang katayuan ay may kasamang tukso, at ang tukso ay may kasamang panganib. Ano ang panganib na ito? Ito ay ang posibilidad ng pagsunod sa landas ng mga anticristo. Ang pinakamalalang kahihinatnan ng pagsunod sa landas ng mga anticristo ay ang maging isang anticristo.

Sinasabi ng ilang tao, “Medyo mahina lang ang kakayahan ng ilang huwad na lider, pero hindi naman masama ang pagkatao nila. Maaari kayang sumunod sila sa landas ng mga anticristo?” Sino ang nagsabi na ang pagkakaroon ng pagkataong hindi masama ay nangangahulugan na hindi sila susunod sa landas ng mga anticristo? Gaano ba dapat sila kasama para masabing mga anticristo sila? Kaya mo bang kilatisin ito? Kung ang isang huwad na lider ay magpapatuloy sa kanyang papel sa loob ng mahabang panahon, nagsisimula na siyang tumahak sa landas ng mga anticristo. May agwat ba sa pagitan ng pagsunod sa landas ng mga anticristo at ng pagiging isang anticristo? (Wala.) Pag-isipang muli: Anong landas ang sinusundan ng mga huwad na lider na iyon? Hindi gumagawa ng partikular na gawain ang mga huwad na lider, at wala rin silang kakayahang gumawa ng partikular na gawain, pero gusto pa rin nilang tumayo sa matataas na posisyon para sermunan ang iba at himukin ang mga tao na pakinggan at sundin sila. Pagsunod ba ito sa landas ng mga anticristo? Ano ang kahihinatnan ng pagsunod sa landas ng mga anticristo? (Likas silang nagiging mga anticristo.) Bagama’t hindi likas na mga anticristo o masasamang tao ang mga huwad na lider, kung susundan nila ang landas ng mga anticristo sa loob ng mahabang panahon, nang walang pangangasiwa o nang walang sinumang nag-uulat at nagtatanggal sa kanila, kaya ba nilang mag-angkin ng kapangyarihan at magtatag ng mga nagsasariling kaharian? (Oo.) Sa puntong iyon, hindi ba’t naging mga anticristo na sila? Kaya, kita ninyo, hindi ba’t mapanganib ang papel ng isang huwad na lider? (Oo.) Ang pagiging huwad na lider ay napakamapanganib na. Bagama’t kasalukuyan nating hinihimay ang mga huwad na lider at hindi tinatalakay ang mga anticristo, may kaugnayan sa diwa ng dalawang ito. Sa katunayan, sinusunod ng mga huwad na lider ang landas ng mga anticristo. Ang pagsunod sa landas na ito ay likas na magtutulak sa kanila na maging mga anticristo, na itinatakda ng kanilang kalikasang diwa. Sa puntong iyon, hindi na kailangang tingnan ang kanilang pagkataong diwa; ang landas lang na sinusundan nila ay nagtatakda na kung sila ba ay mga anticristo. Isipin ninyo ang mga huwad na lider na tinanggal. Kung hindi sila maagap na tinanggal, batay sa kanilang diwa kung paano sila umasal at kung ano ang ibinunyag nila habang nasa panunungkulan sila, susunod ba sila sa landas ng mga anticristo sa huli? Magiging mga anticristo ba sila? Sa katunayan, may ilang tao na nagpakita na ng mga senyales nito, at ang sambahayan ng Diyos ang nagtanggal sa kanila kaagad. Kung hindi sila tinanggal, nagsimula na sana silang maging palamunin ng iglesia at ilihis ang mga tao. Nag-umpisa na sana silang kumilos gaya ng mga opisyal o panginoon sa matataas na posisyon, inuutus-utusan ang mga tao at nangmamando, pinasusunod ang iba sa kanila na parang sila ay Diyos. Ipinapahayag pa nga nila na ginawa silang perpekto ng Diyos at sila ay mga taong ginagamit ng Diyos. Hindi ba’t problema iyon? Kaya, paano natin dapat tingnan at ilarawan ang mga kalagayan at pagpapamalas ng gayong mga huwad na lider? Maaari silang paunang ilarawan bilang mga mapagpaimbabaw, mga taong palamunin ng iglesia, mga Pariseo. At ano ang mangyayari kung magpapatuloy pa ito? Bagama’t ang mga huwad na lider ay maaaring

hindi kasinglupit o kasingbuktot ng mga anticristo, at bagama't sa panlabas ay maaaring mukha silang may kakayahang magtiis ng paghihirap at gumawa ng mabigat na gawain, tumulong sa iba sa bawat pagkakataon, at maging matiyaga at mapagpasensiya sa mga tao, katulad lang ng mga Pariseo na naglakbay sa lupa at dagat para mangaral at gumawa, ano ang halaga nito sa huli? Kung hindi nila kayang ipatupad ang iisang gampanin, paano naiiba ang mga kilos at pag-uugali nila sa mga Pariseo? Nakatutulong ba sa gawain ng Diyos ang mga gawa nila, o ang mga ito ba ay sumusuway at nanggugulo sa gawain ng Diyos? Malinaw na nilalabanan ng mga ito ang gawain ng Diyos at hinahadlangan ang normal na pag-usad ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia. Hindi ba't wala itong ipinagkaiba sa pag-uugali ng mga Pariseo at ng mga pastor at elder na iyon sa mundo ng relihiyon? Ang mga huwad na lider ay katulad lang ng mga ito. Kaya, paano natin sila dapat ilarawan? Ano ang mangyayari kung patuloy na kikilos ang mga huwad na lider? Bukod sa mabibigo silang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, sisimulan din nilang tuligsain, punahin, husgahan, kondenahin, at gawin ang iba pang gayong mga bagay sa mga pagsasaayos na ito—isang buong serye ng mga pag-uugali ng anticristo ang lilitaw. Hindi lang sila bigong ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, kundi nakahahanap pa sila ng iba't ibang palusot para labanan at hadlangan ang pagpapatupad ng mga ito. Hindi ito pakikipagtulungan sa gawain ng Diyos, kundi paghahadlang at panggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ginagamit nila ang kanilang sariling mga kuru-kuro at imahinasyon, at ang kapangyarihan at katayuang ibinigay sa kanila ng sambahayan ng Diyos, para hadlangan ang pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't ito ang diwa ng problema? (Oo.) Ang mga huwad na lider ay hindi gumagawa ng tunay na gawain at hindi nila maipatupad ang iba't ibang gampaning isinaayos ng ang Itaas, pero iginigiit pa rin nila ang kanilang katayuan para mangaral sa mga tao, iniisip na sila ang mga pinuno, ang mga kapitan, ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ginagawa na sila nitong mga anticristo—mga tunay na anticristo. Tumpak ba ang paglalarawang ito sa gayong mga tao? Sobrang tumpak ito, walang anumang pagkakamali! Hindi ito lohikal na pangangatwiran kundi isang paglalarawan batay sa kanilang diwa. Ang mga hindi makapagpatupad sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay mga huwad na lider, at ang mga hindi nagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay mga huwad na lider din. Bago sila mabunyag bilang mga Pariseo, maaari silang ilarawan bilang mga huwad na lider. Gayumpaman, mula sa sandaling maging mga Pariseo sila at maging palamunin ng iglesia, umasa sa kanilang "mga nakaraang tagumpay," at humawak ng mga posisyon nang hindi nagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain o gumagawa ng mga partikular na gampanin, nagiging mga balakid sa gawain ng sambahayan ng Diyos, ang gayong mga tao ay dapat ilarawan bilang mga anticristo. Paano mo natutukoy kung ang isang tao ay isang huwad na lider o isang anticristo? Ang isang huwad na lider ay inilalarawan batay sa kung kaya ba niyang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain

at gumawa ng tunay na gawain. Ang mga hindi nagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain at hindi gumagawa ng tunay na gawain ay mga huwad na lider. Gayumpaman, kung alam nilang hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain at magpatupad ng mga pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas, pero gusto pa rin nilang igiit ang kanilang katayuan para mangaral at sumigaw ng mga islogan upang makuha ang loob ng mga tao, at balewalain ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at asahan ang sambahayan ng Diyos—batay sa katunayan na maraming taon na silang nananampalataya sa Diyos at nagtitiis para sa gawain ng iglesia—na panatilihin sila para patuloy silang maging palamunin ng iglesia at masamantala nila ang sambahayan ng Diyos bilang isang retirement home, patuloy na nililihis ang mga kapatid, naghahangad pa nga ng kapangyarihan para kontrolin ang diskurso at ang awtoridad sa paggawa ng desisyon, ang gayong mga tao ay mga anticristo. Ganito mo matutukoy kung ang isang tao ay huwad na lider o isang anticristo. Malinaw ba ang prinsipyo at pamantayang ito sa paglalarawan? (Oo.)

Ang ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay pangunahing kinapapalooban ng mga pagsasaayos ng gawain. Ang pamantayan sa pagsubok kung ang isang lider o manggagawa ay pasok sa pamantayan ay kung ipinapatupad ba niya ang mga pagsasaayos ng gawain. Ang pagsusuri kung ang mga lider at manggagawa ay totoo o huwad batay sa kung isinasagawa ba nila ang gawain ng iglesia ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ay ang pinakatumpak na pamamaraan. Ang paggamit ng kanilang saloobin sa mga pagsasaayos ng gawain para kilatisin at himayin ang mga huwad na lider, at tukuyin kung sila ba ay mga huwad na lider o mga anticristo, ay ganap na patas. Ang pagsusuri sa mga lider at manggagawa batay sa kung paano nila ipinapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, kung kaya ba nilang ipatupad ang mga pagsasaayos ng gawain, at ang pagiging epektibo at pagiging ganap ng kanilang pagpapatupad ay patas at makatwiran para sa sinumang lider o manggagawa. Hindi nito nilalayon na sadyang gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa sinuman. Nakikilatis ba ninyo na ang ilang huwad na lider ay hindi nagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain at sa huli ay nagiging mga anticristo? Tama ba ang paggiit na ito? (Oo.) Bakit ito tama? (Dahil hindi ipinapatupad ng mga huwad na lider ang mga pagsasaayos ng gawain at pinanghahawakan ang kanilang posisyon para magtatag ng kanilang mga nagsasariling kaharian. Nangangahulugan ito na sinimulan na nilang tahakin ang landas ng mga anticristo.) Ito ang penomenon—ano ang diwa ng problema? Ang hindi pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain ay paglaban sa Diyos at pagkontra sa Kanya. Ano ang ibig sabihin ng pagkontra sa Diyos? Ang mga sumusunod sa landas ng mga anticristo ay kumokontra sa Diyos, ganap na sumasalungat sa Kanya. Kung ang isang tao ay isang huwad na lider lamang, sadyang hindi siya marunong gumawa ng gawain o magpatupad ng mga pagsasaayos ng gawain, hindi niya sadyang nilalabanan ang Diyos. Gayumpaman, ang mga katangian ng mga anticristo ay higit na mas malubha ang kalikasan kaysa sa mga huwad na lider. Ang ilang huwad na lider ay

matagal nang tumatahak sa landas ng mga anticristo. Nagsisimula ang mga indibidwal na ito sa hindi paggawa ng tunay na gawain at hindi pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain. Pagkatapos maging lider sa loob ng mahabang panahon at makapangaral ng ilang salita at doktrina, pakiramdam nila ay matatag na ang kanilang posisyon, na mayroon silang kapital, at na nagkamit sila ng katanyagan sa gitna ng mga tao. Pagkatapos, nangangahas na silang gawin ang anumang gusto nila at kontrahin ang Diyos. Palaging sobra-sobra ang bilib nila sa kanilang sarili, naniniwala na nagkamit sila ng katanyagan sa gitna ng mga kapatid, na may bigat ang kanilang mga salita, at samakatwid, dapat silang ganap na mangibabaw sa diskurso at awtoridad sa paggawa ng desisyon sa lahat ng ginagawa nila. Sa tingin nila ay dapat makinig ang mga tao sa kanila; dapat ay pinapangalagaan ng mga ito ang dangal nila kapag napapahiya sila habang ginagawa ang isang bagay o nagkakamali sila ng salita—gayundin dapat ang sambahayan ng Diyos. Dapat silang konsultahin ng sambahayan ng Diyos tungkol sa anumang isyung lumilitaw at bigyan sila ng parte sa mabubuting bagay, at dapat silang makatanggap ng mas magagandang pribilehiyo at mas mataas na papuri kaysa sa iba. Sa tingin nila ay dapat din silang tratuhin ng Diyos nang espesyal. Dahil sa mga inaakalang kalamangang ito at pagiging nakatataas nila, naniniwala sila na hindi sila dapat basta-bastang pungusan ng sambahayan ng Diyos o ilantad nito ang tiwaling disposisyon nila sa harap ng iba, lalong hindi sila dapat tanggalin nito nang walang anumang pagsasaalang-alang sa kanilang mga damdamin. Ang gayong mga tao ay nanganganib. Umaasa sila sa kanilang “mga nakaraang tagumpay.” Sila ay mga Pariseo, at naging mga anticristo na. Hindi ba’t ito ay itinatakda ng kanilang kalikasang diwa? Kung ang isang tao ay naghahangad sa katotohanan at nagtataglay ng katotohanang realidad, hihingin ba nila ang mga di-makatwirang hinihingi na ito sa sambahayan ng Diyos at sa Diyos? (Hindi.) May isang uri ng tao na, pagkatapos gumawa ng gawain sa loob ng mahabang panahon, ay nakararamdam na nagkamit siya ng katayuan at na may kapital siya, kaya, nabubuo niya ang ganitong mga kaisipan at pakiramdam ng pagiging nakatataas. Anong uri ng tao ito? Isa itong tao na may diwa ng isang anticristo. Dahil hindi niya hinahangad ang katotohanan at sinusunod niya ang landas ng mga anticristo, mayabang at mapagmagaling siya, kung ano-ano ang hinihingi niya sa Diyos at sa sambahayan ng Diyos na hindi makatwiran. Umaasa siya sa kanyang “mga nakaraang tagumpay,” nagiging palamunin siya ng iglesia, kumakapit sa kanyang katayuan, at sa huli ay nagiging anticristo siya. Isa itong tipikal na halimbawa ng isang anticristo. May gayong mga tao ba sa iglesia? Ang sinumang nagmamalaki na isa siyang espirituwal na tao ay ganitong klase ng tao. Malinaw na sila ay walang kuwenta at hindi nila kayang gumawa ng anumang partikular na gawain, pero itinuturing pa rin nila ang kanilang sarili na espirituwal; itinuturing nila ang kanilang sarili bilang mga taong pinapaboran ng Diyos at mga pakay ng pagpeperpekto ng Diyos. Naniniwala sila na sila ay mga minamahal na anak ng Diyos, ang mga mananagumpay. Anong landas ang sinusundan ng gayong mga tao? Sila ba ay mga taong naghahangad sa katotohanan? Sila ba ay mga taong

nagpapasakop sa katotohanan? Sila ba ay mga taong nagpapasakop sa mga pamamatnugot at mga pagsasaayos ng Diyos? Tiyak na hindi, isang daang porsiyento na hindi. Sila ay mga taong naghahangad ng katayuan, reputasyon, at mga pagpapala, at tumatahak sa landas ng mga anticristo. Kapag ang gayong mga tao ay matagal nang humahawak ng isang posisyon, matagal nang naglilingkod bilang mga huwad na lider, hindi maiiwasang magiging anticristo sila. Ang mga anticristo ay mga hadlang sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi posibleng makagawa sila ng gawain ayon sa mga pagsasaayos ng gawain, at hindi posibleng makasunod sila sa kalooban ng Diyos o makagawa ng mga bagay-bagay ayon sa mga hinihingi ng Diyos; higit pa rito, hindi posibleng maisuko nila ang kanilang katayuan, reputasyon, at mga interes para gawin ang gawain ng iglesia, dahil sila ay mga anticristo.

Ang pagbabahaginan tungkol sa ikasiyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay pangunahing tungkol sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos ng gawain. Kung pasok ba sa pamantayan ang isang lider o manggagawa at kung natutupad ba niya ang kanyang mga responsabilidad ay pangunahing natutukoy ng kung paano niya ipinapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain at ng mga resulta ng mga pagpapatupad na ito. Siyempre, ginagamit din ang pamantayang ito para ilantad ang mga huwad na lider at ang mga landas na sinusundan nila, pati na ang mga kahihinatnang idinudulot nila sa gawain ng iglesia at sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang lahat ng pagtatakda, paghatol, at panghuling mga paglalarawan ay nakabatay sa pagpapatupad ng mga huwad na lider sa mga pagsasaayos ng gawain. Ang pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain ay isang pangunahing gampanin, kaya, ang pagtukoy kung pasok ba sa pamantayan ang isang lider o manggagawa batay sa kanyang pagpapatupad sa mga pagsasaayos ng gawain ay napakamakatotohanan at lubos na mahalaga. Higit pa rito, ang pagsukat sa bawat lider at manggagawa gamit ang pamantayang ito ay ganap na makatwiran at patas, nang walang anumang karumihan.

Abril 24, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (11)

Sa nakaraang pagtitipon, pinagbahaginan natin ang ikasiyam na aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Tumpak na ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang iba’t ibang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos alinsunod sa mga hinihingi nito, magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad sa mga ito.” Pinagbahaginan natin ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa at ang gawaing dapat nilang gawin, at hinimay rin natin ang ilan sa mga pag-uugali ng mga huwad na lider. Bagama’t hindi natin pinagbahaginan ang mga detalye kung paano ipapatupad ng mga lider at manggagawa ang bawat pagsasaayos ng gawain, pinagbahaginan naman natin ang mga detalye ng mga prinsipyo para sa pagpapatupad ng mga pagsasaayos na iyon, pati na rin kung ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Nagkaroon na ba kayo ng mas partikular at tumpak na pakahulugan ng gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa sa pamamagitan ng pagbabahaginan natin sa ikasiyam na aytem? Maliwanag na ba sa inyo ngayon ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Ang pangunahing bagay para sa kanila ay ang ipatupad ang gawain ayon sa mga hinihingi ng Diyos at sa mga pagsasaayos ng gawain ng Kanyang sambahayan. Iyon na iyon sa kabuuan. Ngayon, maliwanag na sa ating lahat. Kung anong gawain ang dapat gawin ng isang lider o manggagawa sa sambahayan ng Diyos, at kung ano ang mga responsabilidad nila, ay dapat na napagbahaginan na nang detalyado sa ikasiyam na aytem. Talagang komprehensibo ito. Tinutukoy ang saklaw ng kanilang mga responsabilidad, at ang gawaing dapat nilang gawin, pati na rin kung paano nila ito dapat gawin, ay malinaw ring ipinapahayag. Kung may isang taong hindi pa rin alam kung paano gumawa ng kongkretong gawain ngayong malinaw nang naipahayag ito, problema iyon ng pagkakaroon niya ng mahinang kakayahan. Siya ang klase ng huwad na lider na hindi kayang gumawa ng gawain. May isa pang klase ng huwad na lider na nagsasaayos ng gawain sa pamamagitan lamang ng kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, at padalos-dalos na ginagamit ang mga tao, na nagreresulta sa pagkakaroon ng napakaraming taong gumagawa sa iisang gawain. Hindi lang hindi nagagawa nang maayos ang gawain—ginugulo nila ito nang husto, hanggang sa hindi na ito makausad. Hindi kailanman ipatutupad ng mga huwad na lider ang mga pagsasaayos ng gawain, lalong hindi sila gagawa ng tunay na gawain. Ginagawa lamang nila ang gawaing gusto nila, tumutuon lamang sila sa gawain ng mga pangkalahatang usapin; kapag gumagawa sila, ang alam lang nila ay ang mag-utos at maglitanya ng mga hungkag na kasabihan at doktrina. Hindi nila kailanman sinusubaybayan ang gawain, ni iniisip kung naging epektibo ba ito. Isang klase ito ng huwad na lider. Sa madaling salita, kung ang isang tao ay hindi man kayang gumawa ng tunay na gawain o hindi gumagawa ng tunay na gawain bilang isang lider—maging anuman ang

sitwasyon—kung hindi niya kayang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa o gawin ang gawain na atas ng Diyos, at kung hindi niya kayang ipatupad ang iba't ibang bahagi ng gawaing isinaayos ng sambahayan ng Diyos, isa siyang huwad na lider.

Ngayon, sa pamamagitan ng pagbabahaginan natin tungkol sa siyam na responsabilidad ng mga lider at manggagawa at sa pagsisiwalat natin sa iba't ibang paraan kung saan naipapamalas ang mga huwad na lider, nagkamit na ba kayo ng kaunting pangunahing kaalaman at pang-unawa kung paano tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Kung gayon, sa tingin ba ninyo ay madaling gawin ang gawain ng sambahayan ng Diyos? Mabibigat ba ang mga hinihingi sa tao? Sobra-sobra ba ito? (Hindi mabibigat ang mga iyon; kaya naming matugunan ang lahat ng hinihinging iyon.) May mga lider at manggagawa bang nagsasabing, "Napakaraming aytem at uri ng gawain na hinihingi ng sambahayan ng Diyos na gawin namin. Mas mataas ang isang lider, mas malawak ang saklaw ng kanyang gawain, at mas maraming aytem ng gawain na siya ang responsable. Para magawa nang maayos ang gawaing iyon at matiyak na maipapatupad ito ayon sa mga hinihingi ng ang Itaas—hindi ba't mamamatay kami sa kapaguran?" Mayroon na bang bumagsak sa sobrang pagod dahil ginawa niya nang maayos ang lahat ng kongkretong gawain, dahil ipinatupad niya ang bawat aytem ng gawain kung saan ito nararapat? (Wala.) May nagkasakit na ba dahil sa kapaguran? Mayroon bang sinuman na sa sobrang kaabalahan ay wala nang oras para kumain o matulog? (Wala.) Maaaring sabihin ng ilan, "Anong ibig sabihin ninyong, wala? May ilang tao na talagang napapagod sa paggawa sa gawain ng iglesia, dahil matagal na panahon silang hindi nakakakain sa tamang oras, o nakagagawa at nakapagpapahinga sa maayos na paraan, kung saan balanse ang pagtatrabaho at pahinga. Humahantong sila sa pagkakaroon ng mga sakit dahil sa kapaguran." Nabalitaan na ba ninyo na nangyari ang gayong sitwasyon? (Hindi.) May nakaramdam na ba ng takot at pangamba pagkatapos nilang marinig ang ikasiyam na aytem at makita ang mga partikular na nilalaman ng iba't ibang aytem ng gawain sa sambahayan ng Diyos, pati na ang mga hinihinging pamantayan nito para sa mga lider at manggagawa sa paggawa sa partikular na gawaing ito? Pakiramdam ba nila ay, "Hindi madaling maging isang lider o manggagawa. Kung walang malusog na katawan, mahusay na kakayahan, bukas na puso, at pambihirang enerhiya at lakas, sino ang makakagawa nang maayos sa trabaho?" Mayroon na bang nag-isip ng ganito? Wasto ba ito? (Hindi.) Bakit hindi ito wasto? Una, kapag ginagampanan nila ang gawain ng sambahayan ng Diyos, anuman ang ranggo nila, at komprehensibo man o para sa isang aytem ng gawain ang responsabilidad nila, kahit papaano ay dapat gawin nang maayos ng mga lider at manggagawa ang pangunahing gawain nila, pati na rin ang hindi hihigit sa isa o dalawang karagdagang aytem ng gawain. Kahit pa atasan sila ng komprehensibong gawain, hindi ibig sabihin niyon na kailangan nilang gumawa ng komprehensibong pagsubaybay o pagpatnubay. Dapat silang tumuon sa pangangasiwa sa pinakakritikal

na gawain, o sabay-sabay nilang asikasuhin ang mahihinang bahagi sa ilang partikular na aytem ng gawain. Maaaring ang ilang tao ay puno ng enerhiya, may malaking pagpapahalaga sa responsabilidad, at mahusay ang kakayahan, at kaya nilang gumawa ng maraming klase ng komplikadong gawain, pero ang pangunahin nilang gawain ay binubuo lamang ng isa o dalawang aytem ng gawain. Sa ibang gawain naman, kailangan lang nilang kumustahin ang lagay niyon, mag-usisa tungkol doon, at subukang unawain iyon, at lutasin lamang ang mga problemang matutuklasan nila. Iyon ang isang bahagi nito. Ang isa pang bahagi ay iyong kahit pa sabay-sabay nilang pinapangasiwaan ang ilang aytem ng gawain, kailangan lang nilang umasa sa mga pangunahing superbisor para gawin ang mga aytem na iyon ng gawain. Ang gagawin lang nila ay ang pangasiwaan ang iba't ibang aytem ng gawain, subaybayan ang mga ito, at patnubayan ang mga ito; ang pangunahing gawaing sila mismo ang gagawa ay nag-iisang aytem pa rin ng gawain. Mapapagod ba ang isang tao dahil sa paggawa sa iisang aytem ng gawain? (Hindi.) Kung sapat ang kakayahan ng isang tao at kayang bumagay ng isip niya, makatwiran niyang isasaayos ang gawain pagdating sa kung paano ilalaan ang oras at kung paano ito gagawin nang mahusay. Hindi siya malalagay sa isang magulong kalagayan, na walang paraan para makausad. Hindi siya magmumukhang napakaabala—gagawa siya ayon sa itinakdang iskedyul—pero ang gawain ay magiging mahusay, at magbubunga ito ng magagandang resulta. Iyon ang isang taong may kakayahan, na alam kung paano makatwirang maglaan ng tao at oras. Magugulo ang mga taong walang kakayahan o mahina ang kakayahan, anumang gawain ang kanilang ginagawa. Sobrang abala sila araw-araw, pero kung ano ba ang pinagkakaabalahan nila, sila mismo ay hindi iyon masabi nang sigurado. Wala silang iskedyul, walang konsepto ng oras; napakaaga nilang gumising at gabing-gabi na kung matulog; hindi sila makakain sa mga regular na oras—pero pagdating sa pagiging episyente ng gawain, wala silang nagagawang anumang tunay na gawain. Hindi ba't isang kaso ito ng napakahinang kakayahan? (Ganoon nga.) Mukhang abala araw-araw ang ganitong klase ng tao, na hindi na siya nakakapagpahinga, pero hindi niya matumbok ang sentro ng gawain, ni matukoy kung ano ang agarang trabaho at kung ano ang puwedeng ipagpaliban, at hindi siya mahusay sa paglutas ng mga problema. Pinababagal nito ang gawain. Halos sasabog na ang kanyang puso sa pagkabalisa, at nagkakasugat ang bibig niya. Pero kahit sa mga sitwasyong ito, hindi siya bumabagsak dahil sa kapaguran. Maaaring gumawa nang mahigit sa walong oras sa isang araw ang mga taong may mahinang kakayahan, pero mas mahina ang pagiging episyente ng gawain nila kaysa sa mga taong may mahuhusay na kakayahan. Kaya, kailangan nilang magpakaabala, hindi ba? Dapat lang—wala silang makuhang mga resulta, kahit na abala sila; kung hindi sila magpapakaabala, mapaparalisa ang gawain. Ito ay isang taong may napakahinang kakayahan na hindi kayang maging mahusay sa gawain o umako nito. Bukod pa rito, mayroong maraming aytem sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at ang mga hinihingi ay medyo istrikto pagdating sa mga tao at oras. Karamihan sa mga tao, kapag medyo

mas abala sila, ito ay para pagsikapan nilang maging mahusay at makakuha sila ng magagandang resulta, dahil naiiba ang gawain ng sambahayan ng Diyos sa mga negosyo at pabrika ng mundong walang pananampalataya: Ang kailangan sa mga iyon ay mga pakinabang na pang-ekonomiya, samantalang binibigyang-diin natin ang mga resulta ng gawain. Pero dahil karamihan sa mga tao ay may mahinang kakayahan, walang prinsipyo at sobrang hindi mahusay sa kanilang gawain, nangangailangan sila ng mas maraming oras para magkaroon ng mga resulta. Karamihan ba sa inyo ngayon ay wala nang mga negatibong naiisip tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Isang bagay ang sigurado: Hindi babagsak ang mga lider at manggagawa dahil sa kapaguran sa paggawa nang ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Bukod sa mga panlabas at obhetibong bagay na ito, may isa pang bagay na matitiyak ninyo: Kung may pasanin ang isang tao at may partikular siyang kakayahan—at hindi niya binabalewala ang katunayan na mayroong gawain ng Banal na Espiritu—sa ilang problemang hindi niya maisip o inaasahan, at sa ilang usaping hindi pa niya napagdaanan noon at wala pa siyang karanasan, palagi siyang paaalalahanan ng Banal na Espiritu, na magbibigay-liwanag at tutulong sa kanya anumang oras. Hindi ganap na umaasa ang gawain ng iglesia sa lakas, enerhiya at mga pasanin ng tao para magawa ito—ang isang bahagi nito ay dapat umasa sa gawain at pamumuno ng Banal na Espiritu, gaya ng naranasan na ng karamihan sa mga tao. Kaya, saang anggulo man ito tingnan ng isang tao, ang pagtupad sa kanyang mga responsabilidad ang dapat na makamit ng isang lider o manggagawa. Hindi ito karagdagang hinihingi sa kanya. Kapag gumagawa sa mundo ang mga walang pananampalataya, kumikilos sila batay sa kanilang personal na kakayahan. Iba ang paggampan sa tungkulin sa sambahayan ng Diyos: Hindi ito basta ginagampanan lang batay sa kakayahan ng isang tao—dapat din siyang umasa sa kanyang pagkaunawa sa mga katotohanang prinsipyo kung gusto niyang magkamit ng mga resulta. Minsan, dapat din silang magtulungan at magkaisa nang matiwasay kung gusto nilang magampanan nang maayos ang tungkulin nila. Maaaring magtanong ang ilan, “Ang paggawa ba sa sambahayan ng Diyos ay humihingi sa amin na ‘sumunod sa ipinapagawa at sikaping gawin ang makakaya namin hanggang sa araw ng aming kamatayan’? ‘Ang mga silkworm ng tagsibol ay naghahabi hanggang sa mamatay ang mga ito’—kailangan ba naming makamit iyon? Titigilan lang ba kami ng sambahayan ng Diyos kapag mamamatay na kami sa kapaguran?” Ito ba ang hinihingi ng Diyos sa tao? (Hindi.) Ang pagbabahaginan natin sa mga hinihingi para sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay para lang magbigay-linaw at pang-unawa sa mga tao tungkol sa kung paano makipagtulungan sa gawain ng Diyos nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo at mga pamamaraan ng gawain na hinihingi Niya, para makausad ang Kanyang gawain sa isang maayos at epektibong paraan, at upang ang mga salita at gawain Niya ay makapagkamit ng mas magagandang resulta sa mga hinirang Niyang tao. Ang isang aspekto nito ay tungkol sa pagpapaunlad at pagpapalaganap sa gawain; ang isa pa ay tungkol sa pagkakaroon ng mga salita at

gawain ng Diyos ng mga epektong dapat makamit ng mga ito sa mga sumusunod sa Kanya. Ito ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at ang kailangan nilang makamit sa gawain nila.

Ikasampung Aytem: Maayos na Pangalagaan at Makatwirang Ilaan ang Iba't Ibang Materyal na Aytem ng Sambahayan ng Diyos (mga Aklat, Iba't Ibang Kagamitan, Pagkaing Butil, at iba pa), at Magsagawa ng mga Regular na Inspeksiyon, Pagmementena, at Pagkukumpuni Upang Mabawasan ang Pagkasira at Pagkasayang; Gayundin, Iwasang Angkinin ng Masasamang Tao ang mga Ito

Ngayon, pagbabahaginan naman natin ang ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Maayos na pangalagaan at makatwirang ilaan ang iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos (mga aklat, iba't ibang kagamitan, pagkaing butil, at iba pa), at magsagawa ng mga regular na inspeksiyon, pagmementena, at pagkukumpuni upang mabawasan ang pagkasira at pagkasayang; gayundin, iwasang angkinin ng masasamang tao ang mga ito." Ang ikasiyam na aytem ay medyo komprehensibong hinihingi sa mga lider at manggagawa. Ang ikasampung aytem ay isa pang malaking seksiyon ng gawain, isa na binubuo ng isa pang partikular na hinihingi para sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang bahaging ito ng gawain ay may kinalaman sa mga aytem na pag-aari ng sambahayan ng Diyos, ang ilan doon ay binili para matugunan ang mga pangangailangan sa buhay ng mga tao na gumagampan sa kanilang tungkulin nang full-time, at ang ilan sa mga iyon ay mga kagamitan, materyal, at iba pa na binili para sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. May ilan ding aklat ng mga salita ng Diyos at ilang bagay na may kinalaman sa buhay pagpasok ng mga kapatid, at na dapat na ingatan ng sambahayan ng Diyos. Mga bagay ito na may kinalaman sa pananampalataya ng mga tao sa Diyos. Tatlong kategorya, sa kabuuan: mga aytem na kinakailangan para sa buhay, mga aytem na kinakailangan para sa gawain, at mga aytem na kinakailangan para sa pananampalataya sa Diyos. Binili man ng sambahayan ng Diyos ang mga aytem na ito o inihandog ng mga kapatid, kapag naging pagmamay-ari na ito ng sambahayan ng Diyos, nagkakaroon na ito ng kinalaman sa isyu ng pamamahala at paglalaan ng mga lider at manggagawa sa mga materyal na aytem. Bagama't sa panlabas ay tila hindi masyadong mahalaga ang gawaing ito kumpara sa buhay iglesia, gawaing administratibo, o propesyonal na gawain, at hindi isang bagay na dapat nasa agenda, mahalagang gawain pa rin ito na kailangang gawin ng mga lider at manggagawa. Ang iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos ay kasama sa gawain, buhay, mga pag-aaral, at lahat ng gayong bagay ng lahat ng taong gumagawa ng mga tungkulin, kaya napakahalaga at hindi dapat balewalain ang pagtatago at makatwirang paglalaan ng mga ito.

Maayos na Pangangalaga

Bilang mga lider at manggagawa, ang mas mahalaga kaysa sa maayos na paggawa sa gawaing administratibo ng iglesia at pagpapabuti sa buhay iglesia ay ang maayos na paggawa sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, pati na rin sa iba't ibang nauugnay na gawain dito. Dagdag pa rito, ang iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ay dapat ding bigyan ng angkop na pamamahala. Kailangang itago nang maayos ang mga ito; huwag hayaang amagin o pamahayan ng mga insekto ang mga ito, at huwag hayaang angkinin ng mga tao ang mga ito na para bang ang mga ito ay kanilang personal na pagmamay-ari. Mayroon ding mga partikular na hinihingi at hakbang ang sambahayan ng Diyos kung paano dapat gawin nang maayos ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito. Dapat magsimula ang mga lider at manggagawa sa pamamagitan ng pagsusuri kung ang mga tao bang namamahala sa mga aytem na ito ay angkop, responsableng mga tao, at kung alam ba nila kung paano pangasiwaan ang mga aytem na ito, at kung kaya ba nilang masigasig na tuparin ang kanilang responsabilidad—kung maitatago ba nang ligtas ang mga ito sa mga kamay nila. Halimbawa, sa pagtatago ng mga pagkaing butil, basa ba ang pinag-iimbakan nito kapag tag-ulan—kapag mahalumigmig at madalas ang pag-ulan? Sinusubaybayan ba ito sa tamang oras ng mga taong namamahala rito? Kapag nabasa nga ang mga pagkaing butil, inilalabas ba nila ito para patuyuin? Maingat ba nila itong pinamamahalaan na para bang kanila ito? Mayroon ba silang gayong pagkatao? Mayroon ba silang gayong katapatan? Dapat magsimula ang mga lider at manggagawa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsusuri sa mga taong namamahala sa mga bagay na ito, para makita kung anong klase ba ang pagkatao nila, at kung may konsensiya at kung matuwid ba sila. Kung mukhang may maayos na pagkatao at mabuting puso ang isang tao, at maayos ang ulat ng karamihan tungkol sa kanya, pero hindi mo alam kung angkop ba siya para pamahalaan ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos, ano ang dapat gawin? Dapat kang magsubaybay, magsuri ng mga bagay-bagay, at mangasiwa. Dapat mong kumustahin ang mga bagay-bagay pagkalipas ng ilang panahon, para malaman kung tinutupad ba ng tagapag-ingat ang responsabilidad nito. Halimbawa, sa pagkaing butil, ang pinakamalaking pinangangambahan ay ang pagiging mamasa-masa nito. Dapat suriin ng tagapag-ingat kung mahalumigmig ba ang bodega at kung may posibilidad bang magkaroon ng mga insekto sa mga butil, at dapat siyang humanap ng taong may alam sa mga gayong bagay, para konsultahin at magkaroon siya ng pang-unawa sa kung anong mga pagsasagawa ang maaaring makatiyak na hindi mababasa ang mga butil at hindi aamagin o pamamahayan ng mga insekto. Kapag naitabi na niya ang mga butil, dapat madalas niyang suriin ang bodega, o buksan ang mga bintana para magkaroon ng bentilasyon. Iyon ang talagang pagtupad sa responsabilidad niya. Kung nagkukusa ang tagapag-ingat na gawin ang mga ito nang hindi na kailangan pang udyukan o paalalahanan, siya ay maaasahan, na nakakapanatag ng loob. Kung gayon,

paano naman ang mga taong nag-iingat sa iba't ibang klaseng kagamitan—akma ba sila sa trabaho? Hindi mo pa alam; kailangan mo rin silang subaybayan. Paano ba itinatago ang karamihan sa mga kagamitan kapag hindi kadalasang ginagamit ang mga ito—ang mga elektronikong kagamitan, muwebles, pasilidad, at iba pa? Iniingatan at minementena ba ito ng tagapag-ingat? Nagsasagawa ba siya ng regular na pagsusuri sa mga elektronikong kagamitan, binubuksan at pinapagana ba niya ang mga ito? Sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong, maaari mong malaman na regular itong ginagawa ng tagapag-ingat ng mga ito. Maaaring naroon lang ang mga bagay na iyon, hindi ginagamit, pero walang alikabok ang mga iyon, na ang ibig sabihin ay may isang taong madalas na nag-aasikaso sa mga iyon—malalaman mong maayos ang tagapag-ingat ng mga ito, na tinutupad niya ang kanyang responsabilidad. Pagkatapos ay puwede ka nang mapanatag. May mga aklat din ng mga salita ng Diyos. Mahirap makuha ang bawat isa sa mga iyon, at dagdag pa rito, mas mahalaga sa bawat mananampalataya sa Diyos ang mga aklat ng mga salita ng Diyos kaysa sa anumang ibang bagay—higit pa kaysa sa pagkaing butil, mga elektronikong kagamitan, o iba pang gayong aytem. Kaya, pagdating sa mga ito, mas lalong dapat kang maghanap ng tamang tao para pangasiwaan ang mga ito at ng tamang lugar para pagtaguan ng mga ito. Kinakailangan din ang wastong bentilasyon, pangangalaga, at inspeksiyon—hindi niya puwedeng hayaang mabasa o maging mamasa-masa, o ngatngatin ng mga daga ang mga ito. Dapat bantayang lahat ang mga ito. Kaya, ang mga tao bang namamahala sa mga gayong aytem ay angkop para sa trabaho? Dapat mo ring madalas na subaybayan ito. Kung tamad, pabaya, at walang ingat ang mga katiwala, masisira ang ilang aytem, kung hindi dahil sa pagkabasa o amag, sa mga insekto naman. Kawalan lahat ang mga ito, dahil sa pabayang pagmomonitor at pag-iinspeksiyon sa panig ng mga lider at manggagawa. Kung iniingatang mabuti ng mga katiwala ang mga aytem na ito, natupad na ang responsabilidad na ito ng mga lider at manggagawa. Malalaki o maliliit man ang mga aytem na ito, at madalas mang gamitin ang mga ito o hindi, basta't kasama ang mga ito sa uri ng mga aytem na pag-aari ng sambahayan ng Diyos, dapat na isaayos na pangasiwaan ito ng isang tao. Dapat ligtas ang isang aytem, anumang klase ito at saanman ito nakatago, at dapat tiyaking walang mangyayaring masama rito. Iyon ang ibig sabihin ng maging tapat at responsable. Kung nalamang hindi angkop ang isang taong namamahala sa mga bagay-bagay, ano ang dapat gawin? Dapat kaagad na iayos ang kanyang tungkulin, at dapat makahanap ng ibang taong papalit sa kanya. Halimbawa, ang ilang tao ay mga tamad, mahilig kumain pero ayaw magtrabaho, ayaw umako ng responsabilidad. Kaswal nilang tinatrato ang mga gamit ng iglesia, na para bang pagmamay-ari ng publiko ang mga ito, nag-aakalang ayos lang basta't hindi mawala ang mga ito. Pagdating naman sa kung inaamag ba o pinamamahayan ng insekto ang mga iyon, o kung may nasira ba sa mga ito, wala silang pakialam at hindi nagtatanong. Tuwing tatanungin mo sila, sasabihin nilang sinuri nila ang mga ito, at ayos naman ang lahat. Ang totoo, matagal na nilang hindi sinusuri ang mga bagay-bagay.

Pagkatapos, isang araw ay may biglang nakatuklas na inamag na ang mga butil, at nginatngat na ng mga daga ang kable ng ilang kagamitan, at maging ang mga aklat ng mga salita ng Diyos ay nabasa na nang sobra kaya malabo at hindi na malinaw ang mga nakasulat doon. Kapag noon lang natuklasan ang mga ito—hindi ba't masyado nang huli? (Tama, nangyari na ang pinsala.) Resulta iyon ng di-wastong pamamahala. Kung gayon, hindi ba't hindi angkop ang taong namamahala sa mga iyon? Hindi ba't mababa ang pagkatao niya at imoral siya? (Oo.) Tatawaging imoral ng mga walang pananampalataya ang ganitong uri ng tao; ano naman ang sinasabi natin? Na masama ang pagkatao ng taong ito, na hindi siya tapat. Ni hindi nga niya matupad ang maliit na responsabilidad na iyon; ni hindi man lang niya magawa ang isang bagay na kayang gawin ng isang taong nagtitiis ng kaunting pasakit, na may kaunting konsensiya at pagkatao. Mananampalataya pa rin ba siya ng Diyos? Maski ang mga walang pananampalataya ay may pananaw na, "Gawin mo ang lahat ng makakaya mo para matapat na pangasiwaan ang anumang ipinagkatiwala sa iyo ng ibang tao"—ni hindi natutugunan ng taong ito ang pinakamababang pamantayan ng moralidad ng mga walang pananampalataya, kaya malinaw na hindi siya angkop maglingkod bilang miyembro ng mga tauhan na namamahala ng mga aytem. Dapat agarang pangasiwaan ang mga di-angkop na tao, at makahanap ng mga akmang kapalit. Kung hindi mo pinagkakatiwalaan ang mga tauhan mong namamahala sa mga aytem, at wala ka nang oras para masuri mismo ang mga bagay-bagay, o hindi mo masubaybayan ang mga bagay-bagay at matingnan ang mga iyon dahil sa kung anong nagkataong kadahilanan, ano ang dapat gawin sa sitwasyong iyon? Maaari mong pasulatin ng mga garantiya ang taong namamahala ng mga bagay-bagay, na nagsasabing kung may masira sa mga aytem na pinamamahalaan niya ay babayaran niya ito, o na handa siyang tumanggap ng anumang uri ng kaparusahan mula sa sambahayan ng Diyos. Dapat itong lutasin ayon sa sistemang administratibo. Kung magagawa ng lider o manggagawa ang trabaho niya hanggang sa antas na ito, pagtupad iyon sa kanyang responsabilidad.

Ang anumang materyal na aytem sa sambahayan ng Diyos, malaki man ito o maliit, mahal o mura, kapaki-pakinabang man ito sa iyo o hindi, kung ikaw ang pinapamahala rito, responsabilidad mo ito. Ang gawaing ito ay nasa saklaw ng responsabilidad ng mga lider at manggagawa, kaya dapat humanap ka ng tamang tao at tamang lugar para maayos itong mapangalagaan. Huwag mong hayaang masira ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Halimbawa, sa pagtatago ng mga aklat ng mga salita ng Diyos—kapag nakapagsaayos na ang lider o manggagawa ng angkop na tauhan para sa mga ito, dapat pa rin niya itong kumustahin paminsan-minsan: "Maraming aklat ang ipinamahagi kamakailan, pero huwag kang magpabaya, kahit na mas kaunti na ang natira. Sa pag-iingat sa mga aklat, ang pangunahing bagay ay ang hindi hayaang mabasa o masira ang mga iyon dahil sa init ng araw, at hindi hayaang masyadong madaganan o mabaluktot ang mga iyon." Dapat niya itong kumustahin at dapat siyang magtanong-tanong paminsan-minsan. Kapag may mga dumating na bagong aklat,

dapat niyang itanong kung gaano kahusay na iniingatan ang mga ito; kung kakasya ba ang lahat ng ito sa orihinal na puwesto, at kung hindi, kung may nakita na bang ibang puwesto para sa mga ito, at kung ano ang kalagayan ng puwestong iyon, kung ligtas ba ito at tuyo; kung naitatabi ba nang maayos ang mga aklat; at kung pinangangambahan ba ang mga daga, kung kailangan bang mag-alaga ng pusa. Ang lahat ng gayong bagay ang dapat na gawin ng mga lider at manggagawa, at ang responsabilidad na dapat nilang tuparin. Maaaring tila hindi mahalaga ang gawaing ito, pero ito ay isa rin sa mga gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa nang regular. Huwag mo itong balewalain—dapat itong seryosohin. Maaaring pagmamay-ari ng publiko ang mga bagay na iyon at hindi pag-aari ng sinumang indibidwal, pero dapat ingatang mabuti ang mga iyon; magiging kapaki-pakinabang man o hindi ang mga iyon sa iyo sa hinaharap, at maaari mo mang gamitin o hindi ang mga iyon, responsabilidad mong ingatan nang mabuti ang mga iyon, nakaatas sa iyo ang tungkuling ito, at hindi ka dapat maghanap ng anumang dahilan o palusot para ipasa at balewalain ito. Basta't responsabilidad mo ang isang bagay, ito ay isang bagay na dapat mong pangasiwaan, isang gawaing dapat mong gawin. Sa lahat ng ito, dapat kang mag-usisa at sumubok na unawain ang mga bagay-bagay, o personal na makilahok dito. Kung may oras kang pumunta sa lugar at tingnan ito mismo, siyempre mas mabuti iyon. Pero kung hindi iyon tinutulutan ng mga sitwasyon at kalagayan, o kung masyado kang abala sa gawain, dapat ka pa ring mag-usisa at dapat mo itong kumustahin nang napapanahon, para maiwasang masira o masayang sa anumang paraan ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Ang paggawa nito ay nangangahulugang natupad mo na ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Makatwirang Paglalaan

Pagdating sa mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, may isa pang mahalagang bahagi ng gawain bukod sa pangangalaga sa mga ito: ang makatwirang paglalaan sa mga ito. Lahat ng aytem na ito ay para magamit ng mga tao—lahat ng iyon ay kapaki-pakinabang na bagay—kaya ang pangunahing layon sa pangangalaga sa mga iyon ay para makatwirang magamit ang mga iyon. Bago magamit nang makatwiran ang mga aytem na ito, kailangang makatwirang ilaan ng mga lider at manggagawa ang mga ito. Ano ba ang makatwirang paglalaan? Pagdating sa kung kanino dapat ibigay ang mga aytem na ito para magamit, may mga prinsipyo at panuntunan ang sambahayan ng Diyos. Ang pangunahing layon ng mga aytem na ito, inihandog man ng mga kapatid o binili ng sambahayan ng Diyos ang mga ito, ay hindi para itambak bilang pantulong o panlimos para sa kawanggawa; sa halip, ang mga iyon ay para magamit ng lahat ng kapatid na gumagawa ng kanilang mga tungkulin nang full-time. Kung gayon, kung paano dapat ilaan ang mga ito—kung ano ang mga prinsipyo sa paglalaan ng mga iyon—ay isa pang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa sa kanilang pamamahala sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos.

Binanggit natin dito ang makatwirang paglalaan; sa kasong ito, ang pagiging “makatwiran” ay ang prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos.

I. Makatwirang Paglalaan sa mga Aklat ng mga Salita ng Diyos

Sisimulan natin sa mga libro ng mga salita ng Diyos. Tuwing nagbibigay ng mga bagong libro, may mga hinihingi at panuntunan ang sambahayan ng Diyos pagdating sa mga prinsipyo tungkol sa kung kanino dapat ibigay ang mga librong iyon. Sa iglesia, may mga taong nagbabasa ng mga salita ng Diyos at may mga taong hindi nagbabasa ng mga iyon, may mga taong nagmamahal sa katotohanan at may mga taong hindi nagmamahal dito, at may mga taong gumagawa ng mga tungkulin at may mga taong hindi gumagawa—dapat magkaroon ng pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga ganitong uri ng mga tao. May ilan ding mga espesyal na libro sa uri ng mga aklat-aralin—gramatika, mga diksiyonaryo, at iba pang gayong mga instrumental na libro. Dapat ipamahagi ang lahat ng ito nang mahigpit na naaayon sa mga prinsipyo. Dapat ibigay ang mga ito sa mga nangangailangan nito, at hindi sa mga hindi nangangailangan. At pagkatapos ay may ilang instrumental na libro na kakaunti lang na iniimprenta—kung ibibigay ito sa isang indibidwal, ano ang hinihingi sa indibidwal na iyon? Puwede mong basahin ang mga iyon, pero huwag mong sirain ang mga ito; huwag mong iwan sa kung saan-saan ang mga ito o basta-bastang pilasin ang papel ng mga iyon. At dapat na ibalik ang mga iyon sa orihinal na puwesto kapag tapos mo nang basahin. Pagdating naman sa mga aklat ukol sa pananampalataya sa Diyos, dapat ipamahagi ng mga lider at manggagawa ang mga iyon nang mahigpit na naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at dapat nilang hayaan ang mga hinirang na tao ng Diyos na maunawaan din ang mga prinsipyo, at kumilos ayon sa mga ito.

II. Makatwirang Paglalaan sa Iba’t Ibang Uri ng Kagamitan

Ang kasunod ay kung paano ilaan ang iba’t ibang klase ng mga kagamitan. Ito ay medyo kritikal na gampanin. Medyo mas istrikto ang paglalaan sa iba’t ibang klase ng mga kagamitan. Ang mga kagamitang iyon ay kinabibilangan ng mga elektronika, pati na rin ng mga kasangkapang kinakailangan para sa iba’t ibang propesyon. Kapag ipinamamahagi ito ng mga lider at manggagawa, may mga prinsipyo rin dapat doon. Ang mga binibigyan ng mga iyon ay dapat na mga taong kayang pamilyar na paganahin ang gayong kagamitan at gamitin ito nang tama at makatwiran. Kung ang isang tao ay baguhan o sadyang hindi alam kung paano ito gamitin, hindi ito dapat ibigay sa kanya. Ganito dapat lalo na sa magaganda at mamahaling elektronika, gaya ng mga mamahaling kamera at kompiyuter, pati na rin mga pang-rekord na kagamitan, mga photographic device, o mga kagamitang kailangan para sa video post-production—lalong hindi dapat ibigay ang mga ganitong kagamitan sa gayong tao, para maiwasan ang pagkasira nito. Dapat siguruhin ng mga lider at manggagawa na ang mga gumagamit ng gayong kagamitan ay, una, kayang pahalagahan ang mga kagamitan, at pangalawa, kayang gamitin at imentena

nang tama ang mga ito. Halimbawa, may ilang kagamitan na ayon sa panuntunan nito ay dapat pagpahingahin nang sampung minuto pagkatapos ng dalawang oras ng paggamit dito para lumamig. Kung hindi ito palalamigin, masisira ang kagamitan at iikli ang buhay nito. Ang mga taong nagpapahalaga sa kagamitan ay gagamitin ito nang mahigpit na naaayon sa mga pag-iingat sa pagmementena; kusa nila itong susundin nang hindi mo sinasabihan, at magiging mas istrikto at mas tumpak pa sila kapag inudyukan mo sila. Angkop ang mga gayong tao na gumamit ng mga kagamitan; akma silang gumamit ng mga mamahaling bagay, dahil alam nila kung paano pahalagahan ang mga kagamitan, at sineseryoso nila ang pag-iingat sa pagmementena at pagkukumpuni rito. Ang gayong mga tao, na kayang pahalagahan ang mga kagamitan at gamitin ito nang normal, ang pinakaangkop para sa paglalaan at pamamahagi ng mga de-kalidad na kagamitan. Dapat magsagawa ang mga lider at manggagawa ng wastong pagbeberipika sa bagay na ito. Kung may mamahaling kompiyuter, at ibinigay ito para magamit ng kahit na sinong humiling sa pamamagitan ng pagsasabi na kailangan niya ito, tama ba ang prinsipyo roon? (Hindi.) Ano ang hindi tama roon? Para sa mga lider at manggagawa, ang isang bahagi ng pamamahagi at paglalaan ng gayong mga bagay ay dapat na ibatay sa propesyonal na kahusayan ng taong naatasan ng gawain; ang isa pang bahagi ay na dapat nilang ibatay ito sa antas ng pagpapahalaga ng taong iyon sa kagamitan, kung mayroon ba itong pagkatao, kung pinapahalagahan ba nito ang kagamitan kapag ginagamit niya ito. Kung hindi alam ng taong iyon kung paano pangalagaan ang kagamitan at hindi siya pamilyar sa mga kasanayan ng propesyon, at gusto lang niyang paglaruan ang kagamitan dahil sa pagkamausisa niya, kung gayon ay dapat siyang limitahan at pagbawalan na gamitin ito. Hindi siya angkop na gumamit at mangalaga sa de-kalidad na kagamitan. Sapat nang bigyan ng mga ordinaryong kagamitan ang mga gumagawa ng mga ordinaryong tungkulin. Ang mga taong may alam sa isang propesyon; may mabuting pagkatao; at marunong gumamit, magmentena, at magpahalaga sa mga kagamitan ay maaaring gumamit ng mga de-kalidad na kagamitan, dahil sanay sila sa isang propesyon at kaya nilang gumamit ng de-kalidad na kagamitan. Kung ang isang taong magulo ang isip o magaslaw ay bibigyan mo ng isang de-kalidad na bagay para magamit nito, masisira niya ang kagamitan sa loob lang ng ilang araw. Hindi na ito magagamit ng iba, at hindi magiging madaling kumpunihin ito. Hindi lamang nito hinahadlangan ang gawain ng iglesia, kundi sinasayang din nito ang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Ano ang ipinahihiwatig dito? Na ang gayong mga tao ay hindi angkop na gumamit ng magagandang kagamitan. Dapat na ibigay ang magagandang kagamitan para magamit ng mga taong may pagkatao, na alam ang pasikot-sikot ng isang propesyon. Sapat nang gumamit ng mga ordinaryong bagay ang mga hindi bihasa sa isang propesyon at mababa ang pagkatao. Makatwiran bang ilaan nang ganito ang mga bagay? (Makatwiran.)

Sa lahat ng uri ng materyal na bagay, ang iba’t ibang tao ay may magkakaibang paraan ng pagtrato sa mga ito. Bumibili ang ilang tao ng mamahaling kompiyuter, at

pagkatapos ng dalawang taong paggamit ay mukha pa rin itong bago; kailanman ay wala kang makikitang bakas ng daliri sa screen nito, at napakalinis palagi ng keyboard, walang kahit na anong alikabok. Maayos at malinis din ang desktop, at ang nilalaman ng kompiyuter ay talagang organisado at malinaw lahat. Kung may magsasabi sa kanila na makasasama para sa screen kapag matagal itong ginagamit, itatanong nila kaagad kung ano ang pinakamagandang paraan para maprotektahan ang screen—kung aling paraan ang pinakamainam, iyon ang gagawin nila. Kung may magsasabi sa kanila na kailangang magpahinga ng kompiyuter pagkatapos ng mahabang paggamit, na hindi ito gagana nang maayos kapag masyado itong uminit, na makaaapekto ito sa haba ng buhay ng kagamitan, kapag natanto nila na mahigit dalawang oras na nilang ginagamit ang kanilang kompiyuter ay hihinto sila kaagad para palamigin ito. Kung mabagal itong lumamig dahil napakainit ng panahon, tatapatan nila ito ng bentilador. Tinatrato nila ang kagamitan nang may labis na espesyal na pangangalaga na para bang anak nila ito. Napakamaasikaso at napakamaingat nila kapag inilalagay ito sa bag nito, at kapag inilalagay nila ito sa mesa, kailangang linisin muna nila ang ibabaw ng mesa at ilalagay nila nang tama ang kompiyuter. Hindi ba't kalakasan nila ito? (Oo.) Hindi lamang pinahahalagahan ng gayong mga tao mismo ang kagamitan—kapag nakikita nila ang iba na sinisira at winawasak ang kagamitan, hindi nila ito matiis. Angkop ang gayong mga tao na gumamit ng magagandang kagamitan. Bumibili rin ng mga mamahaling kompiyuter ang ilang tao na may pera, na hindi man lang nila pinapahalagahan kapag naiuwi na nila. Hindi nila nililinis ang mga ito, maging gaano man ito kaalikabok, at talagang narurumihan nila ang mga ito. Ang ibang mga tao ay gagamit ng isang kagamitan sa loob ng dalawang taon, at magmumukha pa rin itong bago; ginagamit naman ng mga taong ito ang isang kagamitan sa loob ng dalawang buwan, pero mukhang nagamit na ito sa loob ng sampung taon. Sabihan mo silang kailangang imentena ang mga kagamitan, at sasabihin nila, "Para saan pa ang pagmementena ng gamit na iyan? Ang mga kagamitan ay nagsisilbi sa mga tao, para sa pagseserbisyo sa mga tao. Kung masisira iyan, bumili na lang ng bago!" Dahil doon, nasira na ang kagamitan nang wala pang anim na buwan dahil sa maling paggamit. Ano ang tingin ninyo sa gayong mga tao? Angkop ba silang gumamit ng de-kalidad na kagamitan? (Hindi.) Gaano man kaganda ang mga kompiyuter na binibili nila, hindi nila iniisip na pahalagahan ang mga ito, kundi inihahagis lang nila ang mga ito at walang ingat na ipinapatong. Puno na ng mga gasgas ang ilan sa mga kompiyuter nila; ang ilan ay nasira dahil sa tubig; ang ilan ay bumagsak sa sahig at nabasag. Talagang walang ingat sila sa paggamit ng mga ito. May isang bagay na wala sa pagkatao ng mga gayong tao. Handa ba kayong maglaan ng magandang kagamitan para magamit ng gayong mga tao? (Hindi.) Ang ilang tao ay nagsusuot ng salamin, at palaging pinupunasan ang mga lente nito nang napakalinis, samantalang ang mga lente ng ibang tao ay madudungis, may mga dumi at bakas ng daliri at iba pang karumihan sa mga ito. Paano ba nila nagagamit ang mga iyon nang ganoon? Ang maiingat sa kanilang salamin ay maselan

kapag inilalapag nila ito; talagang hindi nila hahayaang dumikit ang lente sa ibabaw ng mesa o sa kahit anong bagay, ni pababayaang magasgas ang lente o magkaroon ng anumang kudkod. Napakahalaga ng salamin lalo na sa mga taong malabo ang mata—paano mo pa ito magagamit kung nagasgasan mo na ang mga lente nito? Ang ilang tao ay pabaya sa kanilang mga salamin, at lumalabo na ang mga lente nito pagkatapos nila itong suotin nang maikling panahon lang. Hindi sila makakita nang malinaw kapag sinusuot nila ang mga ito—mas mabuti pa ngang hindi nila ito suot. Pero iniisip nilang ayos lang na isuot ito nang ganoon, na para bang walang pinagkaiba. Naguguluhan Ako rito: Hindi ba't ang layon nila sa pagsusuot ng salamin ay para makita nang mas malinaw ang mga bagay? Ano bang makikita nila nang malinaw, kung puno naman ng gasgas ang mga lente niyon? Hindi ba't magagaslaw ang mga taong ito? Talagang magagaslaw! May isang bagay na wala sa pagkatao ng napakagagaslaw na tao—hindi sila marunong mag-alaga ng mga bagay-bagay, lalo pa ang mag-isip na pahalagahan ang mga ito.

Pagdating sa mahahalagang kagamitan at kasangkapan ng sambahayan ng Diyos, ano ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Kapag inilalaan ang gayong kagamitan, dapat itong ibigay sa mga angkop na tao. Ang mga gumagamit ng gayong mahahalaga at de-kalidad na kagamitan ay dapat mga taong talagang marunong magpahalaga sa mga bagay-bagay. Pahahalagahan nila ito, aalagaan ito, at imementena ito; kapag nasa kanila ito, makatitiyak kang hindi nila ito kailanman wawasakin o sisirain nang sinasadya o nang dahil sa mga bagay na kagagawan nila, maliban na lang dahil sa isang sandali ng kapabayaan o kawalan ng isang elemento ng karaniwang kaalaman. Maaaring gamitin ng mga gayong tao ang kagamitang ito; maaaring ilaan sa kanila ang de-kalidad at magandang kagamitan. Sa mga taong likas na hindi maingat sa paggamit ng mga bagay, ayos lang na bigyan sila ng mga ordinaryong bagay para magamit. Gayundin, ang mga tagapag-ingat ng mga gayong kagamitan at kasangkapan ay responsable sa pagtatabi ng mga rekord ng paggamit sa mga ito; kung sino ang kumuha ng kung ano at kung gaano katagal niya itong ginamit, o kung aling aytem ang eksklusibong magagamit ng isang tao, kung sino ang dapat magbayad ayon sa halaga nito kung ito ay masira. Dapat pumirma ang parehong panig sa mga bagay na ito, para patas at makatwiran para sa lahat ang mga bagay-bagay. Dapat ingatang mabuti ang mga kagamitan at kasangkapan, maikli o mahaba man ang paggamit dito; dapat matutuhan ng gagamit na gamitin ito nang tama, at kung pumalya ang mga ito, dapat kumpunihin kaagad ang mga ito. Mas metikulosong nagagawa ang gawaing ito, mas mabuti. Kung umusbong ang isang sitwasyon kung saan inaaresto ng rehimen ni Satanas ang mga tao, ang pinakamahalagang responsabilidad ng mga lider at manggagawa kapag nagkagayon ay ang ilaan ang mahahalagang kagamitan at kasangkapan sa mga maaasahan at mapagkakatiwalaang tao. Kapag naipadala na nila ito, dapat nilang bigyan ng ilang payo ang taong iyon, sabihan ito na, "Galing sa sambahayan ng Diyos ang mga bagay na ito, para magamit mo sa paggampan sa iyong tungkulin. Hindi ito dapat paglaruan. Dapat mong makatwirang gamitin ito at ingatang mabuti ang mga ito.

Huwag mong sirain ang mga ito. Dahil kailangan para sa paggampan ng tungkulin ang mga kagamitan at kasangkapang ito, kung may masira sa mga ito, dapat magbayad ayon sa halaga ng mga ito. Kung maaantala ang gawain dahil sa nasirang kagamitan, isyu na iyon na may mas seryosong kalikasan, ibig sabihin ay may ilang panggugulo at pangwawasak na rito. Kaya, dapat mong malaman kung paano gamitin nang tama ang lahat ng klase ng kagamitan at kasangkapan sa paggawa ng mga tungkulin—hinding-hindi mo dapat sirain ang pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos. Siguruhin mong tandaan ang mga prinsipyong ito: makatwirang paggamit, at regular na inspeksiyon, pagkukumpuni, at pagmementena—kung may pumalya, iulat mo ito kaagad at mag-apply para sa pagpapakumpuni.” Para magawa nang maayos ang gawaing ito, sa isang banda ay dapat alam ng mga lider at manggagawa ang mga prinsipyo ng paglalaan at paggamit; sa kabilang banda, dapat nilang ipaalam sa mga gumagamit kung paano magmentena at mag-alaga, at kung paano magkumpuni kung pumalya ito, at iba pa. Ito ay karaniwang kaalaman na dapat unawain at taglayin ng mga tao pagdating sa pag-iingat at paggamit sa lahat ng klase ng kagamitan at kasangkapan.

Dapat makatwirang ilaan ng mga lider at manggagawa ang iba’t ibang kagamitan ng sambahayan ng Diyos. Halimbawa, kung ang isang tauhan sa paggawa ay nangangailangan ng isang kompiyuter na medyo komprehensibo ang mga katangian, dapat kang maglaan ng ganoon sa kanya. Kung sasabihin niyang hindi sapat ang isa, dapat mong itanong kung bakit, at dapat magtanong-tanong ka at alamin mo kung may katunayan ba ang sinasabi niya. Huwag kang basta-basta sumunod sa aplikasyon niya at bigyan siya ng kung gaano karaming kompiyuter ang hinihingi niya, na magbigay ng dalawa kung sinabi niyang hindi sapat ang isa, magbigay ng tatlo kung sinabi niyang hindi sapat ang dalawa. Hindi ba’t kapag ganoon ay namamahagi ka ng mga kompiyuter na para bang laruan ang mga iyon? Hindi ba’t pagiging walang-ingat iyon? Dapat mo munang imbestigahan ang sitwasyon at magpasya ka batay sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Huwag na huwag kang pabasta-bastang mag-apruba ng lahat ng uri ng aplikasyon, kung sakaling may ilang taong basta-basta na lang nag-a-apply na nagkukunwaring gumagawa sila ng isang tungkulin. Bukod dito, maaaring mangailangan ng de-kalidad na kompiyuter ang ilang tao na gumagawa ng mahalagang gawain, pero ang mga personal nilang kompiyuter ay may mas mababababang specs. Dapat na tingnan din ito kaagad ng mga lider at manggagawa, at makatwirang maglaan ng kagamitan. Ang pagbibigay ng mga kompiyuter ay dapat na pagpasyahan batay sa kalikasan ng gawain ng isang tao at sa mga kinakailangang de-kalidad na kompiyuter. Kung isang ordinaryong lider o manggagawa lang ang isang tao, at hindi siya gumagawa ng gawaing may kinalaman sa computer technology o paggawa ng video, at gumagamit lang siya ng mga kompiyuter para gumawa ng mga bagay gaya ng pag-i-internet, paghahanap ng mga sanggunian, at pagtawag, at wala siyang masyadong kinakailangan pagdating sa specs ng kanyang kompiyuter, uubra na sa kanya na gumamit ng ordinaryong kompiyuter. Ang alam lang gawin ng ilang nakatatanda ay mga simpleng operasyon

gaya ng pagta-type, pag-o-online, at pagtawag, pero kapag naging lider o manggagawa na sila, binibigyan sila ng mga pinakamamahaling kompiyuter. Makatwiran ba ito? Hindi ba't naghahanap sila ng mga espesyal na pribilehiyo? Hindi ba't nagtatamasa sila ng mga pakinabang ng katayuan? (Ganoon nga.) Para saan gagamitin ang ganitong uri ng mga mamahalin at de-kalidad na kagamitan? Dapat ibigay ang mga iyon para magamit ng mga tauhang may kaugnayan dito ang gawain at mga tauhang propesyonal. Hindi ito dapat itugma sa katayuan ng isang tao. Maling pinaniniwalaan ng ilang lider at manggagawa na dapat silang magtamasa ng mga natatanging karapatan sa paggamit ng iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos. Panuntunan ba iyon sa sambahayan ng Diyos? Hindi. Sa sandaling maging mga lider at manggagawa ang ilang tao, binibigyan sila kaagad ng mga de-kalidad na kompiyuter, cell phone, at headphone, at binibigyan sila ng lahat ng klase ng de-kalidad na kagamitan. Ano ang kahihinatnan nito? Ginagawa ba talaga ito para magkamit ng magagandang resulta sa gawain? Hindi ba't nagnanasa ng kasiyahan ng laman ang mga taong iyon? Para saan mo ba ginagamit ang mga de-kalidad na kompiyuter? Hindi ba't nagdadaos ka lang ng mga pagtitipon online at nangangaral ng mga salita at doktrina? Marunong ka bang mag-upload ng mga video, o kaya mo bang gumawa ng mga video? Marunong ka bang magmentena ng seguridad ng network, o kaya mo bang gumawa ng mga website? Alam mo ba ang mga propesyong ito? Kung hindi, ano ang gamit sa iyo ng de-kalidad na kompiyuter? Hindi ba't nakasusuklam gawin ito? (Ganoon nga.) Kung may sarili kang pera, walang makikialam kung ilang kompiyuter man ang bilhin mo, at walang manghihimasok gaano man ka-de-kalidad ang mga iyon. Ang pinag-uusapan natin ngayon ay kung paano makatwirang ilaan ang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng "makatwiran"? Kapag ginagamit ng mga lider at manggagawa ang de-kalidad na kagamitang ito ng sambahayan ng Diyos, maituturing ba iyon na "makatwirang" paggamit dito? (Hindi.) Hindi nila alam ang propesyon o kung paano gawin ang kahit ano. Makapagpapataas ba ng antas nila ang pagkakaroon ng de-kalidad na kompiyuter? Bakit ba sila nagpapasikat? Walang panuntunan ang sambahayan ng Diyos na nagbibigay ng natatanging karapatan ng paggamit at paglalaan ng mga materyal na aytem nito sa mga lider at manggagawa; wala silang ganoong natatanging pribilehiyo, at hindi ito makatwirang prinsipyo sa paglalaan ng mga aytem ng sambahayan ng Diyos—hindi talaga ito makatwiran. Maaaring bilhin ng isang tao mismo ang mga bagay na ito kung nasa posisyon siyang gawin iyon; kung hindi naman, at kailangang paglaanan siya ng sambahayan ng Diyos, sapat na ang gumamit siya ng mga ordinaryong kagamitan. Patas at makatwiran ito. Ang mga tunay na nakaaalam kung paano gamitin ang de-kalidad na kagamitang ito ay ang mga propesyonal na tauhang gumagawa sa gawaing ito, kaya dapat ilaan ng sambahayan ng Diyos ang kagamitang ito sa kanila. Ito ang ilang prinsipyong dapat maunawaan at maarok ng mga lider at manggagawa tungkol sa paglalaan ng mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Suriin ninyong muli, batay sa mga prinsipyong ito, para malaman kung ang mga bagay bang

ito ay hindi makatwirang nailaan sa kung saan. Kung nagkagayon nga, bilisan ninyo at ituwid ito. Pagkatapos maging mga lider at manggagawa ng ilang tao, nakikita nila na walang sinuman sa sambahayan ng Diyos ang nagpapalakas sa kanila, na walang nagbibigay sa kanila ng mga de-kalidad na aytem, at na suot pa rin nila ang mga sarili nilang lumang damit, ginagamit pa rin nila ang sarili nilang napakaordinaryong maliit na kompiyuter, at na hindi pa sila binibigyan ng sambahayan ng Diyos ng magandang kompiyuter. Kaya, nagpupunta sila sa pangkat ng pananalapi at nag-a-apply na bumili ng isang kompiyuter. Makatwiran ba ito? (Hindi.) Sinasabi nila, “Kung hindi mo ito ibibigay sa akin, hindi ko gagawin ang tungkulin ko—hahanap ako ng pagkakataon para ibili ako ng sambahayan ng diyos ng mas de-kalidad na kompiyuter, isang mas bagong modelo, iyong mas mabilis!” Napakalakas ng loob nila—wala silang hindi pangangahasang gawin. Pagkatapos maging lider ng mga taong ito, tinatrato nilang kanila ang sambahayan ng Diyos, iniisip na, “Akin din ang pera ng sambahayan ng diyos—gagastusin ko ito kung paano ko gusto!” Ito ay isang bagay na kayang gawin ng mga anticristo.

III. Makatwirang Paglalaan sa Iba’t Ibang Uri ng Pang-araw-araw na Suplay at Pagkain

Tapos na tayo sa pagtatalakay tungkol sa makatwirang paglalaan ng iba’t ibang materyal na aytem at kagamitan. Kasunod nito, pag-uusapan naman natin ang mga bagay para sa araw-araw na pamumuhay, halimbawa: ang mga pagkaing butil, gulay, at tuyong pagkain, pati na rin ang mga kinakailangang sangkap sa pagluluto, ang iba’t ibang suplementong pagkain, at iba pa. Ang mga aytem na ito ay hindi lang dapat makatwirang pangalagaan kundi dapat ding makatwirang ilaan. Kung gayon, paano makatwirang ilalaan ang iba’t ibang aytem na ito? May mga pamantayan ang sambahayan ng Diyos pagdating sa mga pagkain nito, at ang mga namamahala sa gayong mga aytem ay dapat na makatwirang ilaan ang mga iyon nang mahigpit na sinusunod ang mga pamantayang iyon. Hindi sila dapat magbigay ng mas maraming masasarap na pagkain sa mga malalapit ang loob sa kanila. Halimbawa, kung may biniling ilang masarap at de-kalidad na bigas, o kung ang ilang prutas o karne ay paminsan-minsan lang binibili, at nagbibigay ka ng mas marami nito sa sinumang may magandang relasyon sa iyo, o ibinibigay mo ang lahat ng magagandang bagay sa kanila, samantalang ibinibigay mo sa iba ang hindi magaganda—maituturing ba iyong makatwirang paglalaan? (Hindi.) Kung gayon, paano dapat sukatin ang “pagkamakatwiran” dito? Anong paraan ng paglalaan ang maituturing na makatwiran? Ang pantay na paglalaan, ayon sa mga prinsipyo at mga hinihinging pamantayan na itinakda ng sambahayan ng Diyos para sa mga pagkain, ang pagbibigay nang kung gaano ang dapat ipamigay. Kung sa tingin mo ay malapit ka sa isang tao, maaari mong ibigay rito ang parte mo. Huwag kang maging mapagbigay sa mga bagay na pagmamay-ari ng ibang tao, at huwag mong gamitin ang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos para magpakita ng pagiging mapagbigay sa ibang tao; kung gusto mong maging mapagbigay, gawin mo ito sa mga

pagmamay-ari mo. Hindi isang prinsipyo sa sambahayan ng Diyos ang pagiging mapagbigay—ang prinsipyo sa sambahayan ng Diyos ay ang makatwirang paglalaan. Ang pamamahagi ng pang-araw-araw na mga kinakailangan sa buhay at iba't ibang pagkain ay dapat gawin ayon sa mga pamantayang itinakda ng sambahayan ng Diyos, hindi nang pabasta-basta. Natural lang na maaaring pangasiwaan at tingnan ng mga lider at manggagawa kung nasa tamang lugar ba ang puso ng mga taong responsable sa pamamahagi ng mga gayong bagay, kung makatwiran ba ang pamamahagi nila, kung ginagawa ba ang pamamahagi ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, kung paano ito iniuulat ng mga tao, kung may mga reklamo ba ang mga ito, at kung naasikaso ba ang lahat. Anong dapat gawin kung minsan ay kapos sa ilang bagay? Ayos lang bang itabi ng mga lider at manggagawa ang mga iyon para sila mismo ang kakain? Maaaring sabihin ng ilan, "Ang mga lider at manggagawa ang may pinakamataas na katayuan at katanyagan, at karaniwang sila ang pinakamaraming sinasabi sa atin, kaya natutuyo ang bibig nila. Kung mayroong magagandang bagay, itira natin ito para makain nila." Ayos lang bang ilaan ang mga bagay nang ganito? (Hindi; dapat na itira ang mga bagay para sa mga tunay na nangangailangan ng mga iyon.) Kung kakaunti lang ang ilang medyo mamahaling produktong pangkalusugan, paano dapat ilaan ang mga iyon? Dapat ilaan ang mga iyon sa mga naggugol na ng kanilang sarili nang maraming taon para sa Diyos at nagbigay ng kontribusyon. Hindi maayos ang kalusugan ng mga taong ito dahil sa kanilang edad, pero may konsensiya pa rin nilang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, at talagang nakinabang ang mga kapatid mula sa kanila. Kailangang medyo ingatan at alagaan ng mga taong ito ang kanilang katawan, at tama lang na hayaan silang kumain at gumamit ng mga produktong pangkalusugang iyon. Walang dapat mag-away dahil sa kakulangan ng supply. Ganito dapat ilaan ng mga lider at manggagawa ang mga bagay na ito. Makatwiran ba ito? (Oo.) Kung gayon, tututol ba ang karamihan ng tao sa gayong paglalaan? May nagsasabi bang, "Maaaring hindi ako ganoon katanda, pero marami akong gawaing kailangang gawin—mahigit walong oras akong gumagawa kada araw. Maaaring hindi gaanong mahusay ang paggawa ko, at maaaring hindi ko pa ito nagagawa sa loob ng maraming taon, pero hindi rin ganoon kaayos ang kalusugan ko paminsan-minsan. Bakit walang nagmamalasakit sa akin? Kapag may magagandang bagay, hindi ako kailanman nakatatanggap ng mga iyon, pero kapag may gawaing dapat magawa, palaging ako ang hinahanap"? Dapat bang bigyan ng parte ang taong gaya nito? Dahil may lakas siya ng loob na manghingi nito, magtira kayo para sa kanya—makatwiran ba iyon? Sasang-ayon ba kayong gawin ito? (Hindi.) Kung Ako iyon, sasang-ayon Ako. Bakit tayo masyadong mamomroblema sa mga gayong bagay? Hindi nabubuhay ang mga tao para sa kasiyahan; hindi sila nabubuhay para kumain, uminom, at magpakasaya. Bakit kailangang pag-awayan ang mga iyon? Kung may isang taong gustong makipaglaban para sa mga iyon, at medyo naaangkop naman ang sitwasyon niya, hayaan ninyong medyo matamasa niya ang mga iyon. Nabigyan siya ng kaunting espesyal na pabor, pero hindi ka mawawalan dahil doon;

hindi kailangang masyadong mabahala. Kaya, ipagpalagay na may magsasabi, “Bakit hindi mo ako bigyan ng kaunti? Hindi rin maayos ang kalusugan ko; kung talagang makakakain ako ng masarap na pagkain, dahil sa bumuting kalusugan ko, makakaya ko na makagawa pa at magpasan ng higit pang pasakit para sa sambahayan ng Diyos, at mas magiging mahusay ang gawain ko.” Dahil humiling siya nang ganito, huwag mo siyang ipahiya sa pagtanggi rito, ipamahagi mo ang ilan sa kanya. Hindi dapat masyadong mabahala ang ibang tao rito—maging medyo mapagbigay ka. Hindi ba’t magpapatuloy ang buhay mo gaya ng dati kahit wala ang mga iyon? Hindi kapos ang ibinibigay ng Diyos sa mga tao; umaapaw at masagana ito—hindi kailangang pag-awayan ang mga bagay-bagay. Kung may ilang espesyal na aytem, at walang nakararamdam na kinakailangan niya ito o na kailangan niya itong tamasahin, ang alinmang klase ng tao na napagkaisahan ng karamihan na pinakaangkop ang dapat na bigyan nito para kainin. Binibigyang-diin natin ang pagkatao at makatwirang paglalaan ng mga bagay-bagay. Ang mga nagtatamo ng mga bagay na ito ay dapat na tanggapin ang mga ito mula sa Diyos at pasalamatan Siya para sa Kanyang biyaya. Hindi ito dapat pag-awayan ng iba. Kung gagawin mo iyon, hindi ka makatwiran, sinasadya mong manggulo, at wala ka na sa lugar. Ganito dapat harapin ang gayong mga espesyal na sitwasyon. Parehong may mga prinsipyo para sa mga espesyal na sitwasyon at sa mga ordinaryong sitwasyon; hindi dapat tratuhin nang pabasta-basta ang mga ito, lalo pa sa batayan ng mga hinihingi ng mga relasyon ng tao. Kapag makatwirang inilalaan ang mga ito, natupad na ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad nila.

Sa paglalaan ng pang-araw-araw na suplay at pagkain, dapat ding gawin iyon ng mga lider at manggagawa batay sa mga tunay na sitwasyon, tunay na dami ng tao, at tunay na dami na kinakailangan, para mailaan ang mga iyon sa isang tunay na makatwirang paraan, na may layong hindi hayaang masayang ang mga iyon o magkaroon ng mga kawalan. Isang responsabilidad ito na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa. Minsan, kapag wala silang pang-unawa sa mga partikular na sitwasyon, maaaring ilaan nila ang ilang bagay ayon sa isang pangunahing prinsipyo, at matuto kalaunan, sa pamamagitan ng puna at kasunod na pagsubaybay ng lahat, na hindi pala makatwiran ang paglalaan, na ito ay medyo nagapos ng patakaran. Sa ganoong sitwasyon, dapat pagbutihin nila sa susunod, para maiwasang magpabalik-balik ang ganoong problema at para mabawasan ang pagsasayang at kawalan. Iyon ay pagtupad sa kanilang responsabilidad. Siyempre, para maiwasan ang pagkasira at pagkasayang, sa isang banda ay dapat mas magtanong-tanong sila kapag naglalaan ng mga bagay-bagay; dapat din silang istriktong sumunod sa mga prinsipyo. Kinakailangan ito. Huwag basta-bastang ibigay ang mga bagay-bagay, nang hindi nagbibigay sa mga tunay na nangangailangan ng mga iyon, nang hindi nagbibigay sa mga gumagawa nang sinsero sa kanilang tungkulin, na may katotohanang realidad, kundi partikular na ibinibigay ang mga iyon sa mga nambobola na walang espirituwal na pang-unawa. Ang paggawa ba niyon ay pagkilos na naaayon sa mga prinsipyo? (Hindi.) Hindi ba’t ang paggawa niyon

ay labis na pagsasawalang-bahala? Ang hindi pagkilos nang ayon sa mga prinsipyo ay hindi pagtupad sa mga responsabilidad ng isang tao. Ano ang tinutukoy ng pagtupad sa mga responsabilidad ng isang tao? Ito ay hindi ang paggawa nang pabasta-basta at pagsunod sa mga patakaran, at hindi ito natutupad sa pamamagitan ng paggawa sa mga serye ng mga itinakdang hakbang—sa halip, ito ay ang pagkilos nang napakahigpit na sumusunod sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, habang tinitiyak din na walang nangyayaring mga pagsasayang o pagkasira ng anumang bagay sa sambahayan ng Diyos. Iyon ang ibig sabihin ng tunay na pagtupad sa iyong responsabilidad. Halimbawa, sa pagbibigay ng mga itlog sa limang tao, dapat ay bigyan mo ng isang itlog ang bawat tao kada araw, at bigyan mo sila kada sampung araw, kaya padadalhan mo sila ng eksaktong limampung itlog. Dapat mo silang bigyan sa ganitong paraan dahil, sa isang banda, kaunti lamang ito at madaling asikasuhin; bukod dito, eksaktong dami ito para makain nila. Talagang tama ang magsagawa nang ganito, nang ayon sa mga pamantayan at pagtatakdang hinihingi ng sambahayan ng Diyos—pagkilos ito nang ayon sa mga prinsipyo. Kung dahil sa takot na maabala ay bibigyan sila ng lider o manggagawa ng itlog na para na sa isandaang araw nang isang bigayan lang—limandaang itlog sa kabuuan—magiging angkop ba iyon? Sabihin ninyo sa Akin, alin ang mas madaling ibiyahe at ingatan, ang limampung itlog o ang limandaang itlog? (Ang limampu.) Mas madaling ibiyahe at ingatan ang mas kakaunting bilang. Ang ilang tao ay talagang nagpapadala na ng para sa isandaang araw, at bilang resulta, nababasag ang ilang itlog habang nasa biyahe, at nadudurog ang ilan kapag hinahatid sa destinasyon nito. Sa sunud-sunod na kaunting pagkabasag, isang bahagi ang nasisira. Dagdag pa rito, kapag nakikita ng mga tao na maraming itlog ang ipinamahagi, kaswal nila itong sasayangin, kaya wala na silang makakaing itlog bago pa dumating ang araw ng susunod na padala. Kaya, kapag nabasag at nasira ang mga itlog na ito, hindi ba't dahil ito sa kapabayaan ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Kung hihingi sila ng karagdagan, puwede mo ba silang bigyan niyon? Ayon sa mga prinsipyo, hindi mo na sila puwedeng bigyan ng karagdagan bago ang itinakdang petsa, pero ang pakiramdam nila ay naagrabyado sila kapag wala na silang makain. Ano ang dapat gawin dito? Nangangailangan ito ng makatwirang paglalaan. Kapag naglalaan ng mga bagay na ito, dapat talagang sumunod ang mga lider at manggagawa sa prinsipyo ng makatwirang paglalaan at sa pamantayang hinihingi ng sambahayan ng Diyos, ipinamamahagi ang mga iyon sa takdang oras at nang regular. Bukod doon, dapat silang magkaroon ng isang maagap na pagkaunawa kung may mga kaso ba ng pagsasayang, kung mayroon bang mga muling aplikasyon o kahilingan para sa mga bagay na nagkulang dahil sa pagsasayang, at kung may mga kaso ba ng pagsasayang sa mga bagay na ipinamahagi na ayaw ng mga tao. Halimbawa, kapag parehong ipinamahagi ang karne at mga gulay, at karamihan sa mga tao ay gusto ng karne, kaya maaaring maubos nila ito sa loob ng tatlo o limang araw, at natitira ang mga gulay. Hindi nagtatagal ang mga gulay; ang iba ay nalalanta at nabubulok na pagtagal-tagal, kaya nauubusan na sila bago maibigay ang

kasunod. Kaya maaaring may mag-apply muli at manghingi ng karagdagan. Dapat bang magbigay ng karagdagan sa ganitong klase ng sitwasyon? Makatwiran bang bigyan siya ng karagdagan? (Hindi.) Ang ibang tao ay palihim na kakainin ang karne at mga itlog, at uubusin ang lahat ng gulay na gusto nila samantalang nagsasabi ng lahat ng klase ng katwiran at pagdadahilan para hindi kainin ang ayaw nila. Kapag nanilaw at nabulok na ang mga gulay, sasabihin nilang hindi na ito puwedeng kainin, at ipapakain na lang nila ang mga ito sa mga baboy at manok, o kung hindi naman ay itatapon na lang, pagkatapos ay manghihingi ng karagdagan. Kapag naharap ang mga lider at manggagawa sa ganitong sitwasyon, paano nila ito dapat pangasiwaan? Kung sasabihin nila, "Bibigyan ko kayo ng mas marami sa susunod, dahil hindi pala iyan sapat—bibigyan ko kayo ng mas marami, dahil malakas kayong kumain," iyon ba ang angkop na paraan para pangasiwaan ito? Hindi ba't bulag iyon? (Oo.) Paano sila naging bulag? (Hindi nila nauunawaan kung ano talaga ang nangyayari: Ang pangunahing dahilan kung bakit hindi sapat ang pagkaing ibinigay nila ay dahil sinayang ito.) Nagkakaroon na agad sila ng kongklusyon nang hindi nauunawaan kung ano ba talaga ang nangyayari. Karamihan sa mga lugar ay may sapat na pagkain na ibinibigay nang ayon sa mga pagtatakda ng sambahayan ng Diyos. Bakit sa lugar lang na iyon palaging hindi sapat? Hindi ba't kailangan ng partikular na imbestigasyon iyon? Dapat silang pumunta sa lugar na iyon at magtanong nang mabuti at detalyado tungkol sa sitwasyon, para malaman kung anong nangyayari. Sa huli, sa pamamagitan ng imbestigasyon nila at pag-unawa, napag-alaman nila na ang tagaluto sa lugar na iyon ay isang masama at imoral na tao, na pinapakain sa mga manok ang pagkain na para sa tao, na sinasadyang sayangin ang pagkain ng sambahayan ng Diyos. Talagang maselan siya sa kinakain niya, at masasarap na pagkain lang ang gusto niyang kainin. Hindi siya kakain ng gulay kapag walang karne, at kapag mayroon naman, ni hindi siya kakain ng tokwa. Kapag nakakakuha siya ng mga itlog, kinakain niya ang mga iyon tuwing oras ng pagkain. Eksklusibo niyang pinipili ang masasarap na pagkain at hindi kinakain ang kahit anong ordinaryong mga gulay, at wala rin siyang pakialam kung mabulok ang mga ito. Dahil sa pag-unawa ay napag-alaman na isang masamang tao ang tagaluto—kung gayon, dapat ba siyang bigyan ng dagdag na sustento sa susunod na magbigay ng mga bagay-bagay? (Hindi.) Sapat na ba ang hindi pagbibigay nang mas marami sa kanya? Paano dapat pangasiwaan ang problemang ito kapag natuklasan na? Palitan siya kaagad; halinhan siya ng isang taong may kaunting pagkatao para gampanan ang tungkulin. Tuklasin at lutasin kaagad ang problema, at itiwalag ang gayong masasamang tao, mga bulok na kamatis. Maaaring magtanong ang ilan, "Dahil hindi na sila nagluluto, ayos lang ba na magpakain sila ng mga manok?" (Hindi.) Kung pakakainin nila ang mga manok, hindi na mangingitlog ang mga manok; kung pakakainin nila ang mga baboy, mangangayayat ang mga baboy. Hindi puwedeng sila ang magpakain sa kahit na ano. Dapat paalisin ang mga gayong tao—hindi sila akmang gumawa ng isang tungkulin sa sambahayan ng Diyos. Kung may iba pang matuklasang problema habang

inilalaan ang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, dapat ding lutasin kaagad ang mga ito. Ano ang layon ng paglutas sa mga problemang ito? Para mabawasan ang pagkasayang at pagkasira na nangyayari sa mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Maaaring magtanong ang ilan, “Para malutas ang mga problemang iyon, kailangang puntahan ng isang tao ang kusina para mag-imbestiga. Hindi ba’t sinabi Mo na hindi pinahihintulutang pumunta sa kusina ang mga lider at manggagawa? Bakit ngayon ay puwede na?” Dalawang magkaibang isyu iyon. Hindi Ko sinabing hindi sila puwedeng pumunta—paghihimay ito sa hindi pagkaalam ng mga lider at manggagawa kung paano gumawa, sa pagtambay nila nang walang ginagawa at palakad-lakad lang, sa pagpapasasa sa mga pakinabang ng katayuan, sa palagi nilang pagpunta sa kusina para maghanap ng masasarap na makakain. Sa kasalukuyang kaso, pupunta sila sa kusina para lumutas ng mga problema, hindi para maghanap ng masasarap na makakain. Pumunta kayo kung kinakailangan, at huwag kayong pumunta kung hindi. Maraming kailangang gawin ang mga lider at manggagawa, at isa ito sa mga gampanin nila, isa na malalaman lang ang mga partikular na problema sa pamamagitan ng pagpasok sa kaloob-looban ng kusina at pag-unawa sa mga detalye. Kung malalamang hindi angkop ang isang tagaluto, dapat siyang tanggalin kaagad at palitan ng isa na angkop. Sa paggawa nito, matitiyak na ang mga aytem na ibinibigay ng sambahayan ng Diyos ay hindi masasayang at masisira. Paano Ko man ito sabihin, ang hinihingi sa mga lider at manggagawa ay iyong dapat nilang tuparin ang kanilang mga responsabilidad—kung ikaw ang dapat na mabahala at gumawa rito, dapat mo talagang ikabahala at gawin ito. Dapat mong pagmasdan at pakinggang mabuti kung ano ang sinasabi ng bawat klase ng tao—at siyempre, dapat mo ring matutuhan sa puso mo na magkaroon ng mga opinyon, kaisipan, at pagkilatis sa lahat ng klase ng bagay; ang isa pang mahalagang bagay ay ang isapuso ang mga prinsipyo na hinihingi ng sambahayan ng Diyos na masunod, at hindi lumihis sa mga iyon sa anumang pagkakataon. Anumang gawain ang ginagawa mo, dapat mo munang maunawaan kung anong mga prinsipyo at panuntunan ang hinihingi ng sambahayan ng Diyos; bago ka gumawa, dapat mong tanungin ang sarili mo nang ilang beses ng mga katanungang gaya ng: Malinaw ba sa akin ang mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos? Paano ba ito dapat gawin, kung ito ay dapat na gawin ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos? Paano ba ito dapat gawin ayon sa mga prinsipyo sa mga espesyal na sitwasyon? Paano ba ito pangangasiwaan sa mga ordinaryong sitwasyon? Dapat mo talagang tanungin pa ang sarili mo ng mga ganito at ng iba pang gayong katanungan bago ka gumawa, at manalangin ka pa sa Diyos. Ang isang bahagi nito ay ang pagsusuri sa sarili; ang isa pa ay ang pagtanggap sa pagsisiyasat ng Diyos. Ang paggawa nito ay makakatulong sa mga lider at manggagawa na makagawa ng mas kaunting mga kamalian at paglihis sa kanilang gawain, makabawas ng pagkasayang sa mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, at makabawas sa mga kawalan na nangyayari sa Kanyang sambahayan. Ang mas mahalaga ay iyong sa paggawa nito ay naitataguyod ang mga

responsabilidad ng mga lider at manggagawa at natutupad ang mga responsabilidad na iyon. Ito ang talagang dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Ito ang hinihingi sa mga lider at manggagawa. Ang pangangalaga at paglalaan sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ay hindi komplikadong gampanin. Sa isang banda, usapin ito ng pagiging pamilyar mismo ng mga lider at manggagawa sa mga prinsipyo; sa isa pang banda, dapat na mas ibahagi ng mga lider at manggagawa ang mga prinsipyong ito sa mga taong namamahala sa pangangasiwa ng iba't ibang materyal na aytem, mas subaybayan ang mga bagay-bagay at subukang mas maunawaan ang mga bagay-bagay at mas imbestigahan ang kalagayan ng pamamahala, habang mas nakikipagbahaginan sa mga superbisor sa paglalaan ng iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, para bigyan sila ng masinsinang pagkaarok sa mga prinsipyong ito. Siyempre, dapat ding patuloy na mag-usisa ang mga lider at manggagawa at magtanong kung paano inilalaan at ipinamimigay ng mga taong iyon ang mga aytem, at kung mayroon bang kahit anong espesyal na sitwasyon—halimbawa, kung inilalaan ba ng mga superbisor ang mga aytem ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang pagkakataon, at sa mga sitwasyon kung saan ang iba't ibang klase ng tao ay may iba-ibang hinihingi. Ang layon sa paggawa niyon ay para mabigyang-kakayahan ang iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos na magampanan nang epektibo ang mga papel nito, at na magamit nang makatwiran sa pinakamalawak na posibleng antas, at para mapangalagaan sa pinakamainam na posibleng pag-iingat, nang may pinakamainam na posibleng pagmementena. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Ang Maayos na Pamamahala sa mga Materyal na Aytem ng Sambahayan ng Diyos ay ang Responsabilidad ng Lahat ng Hinirang na mga Tao ng Diyos

Matapos maunawaan ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, nauunawaan na rin ba ninyo ang mga prinsipyo na dapat maarok ng bawat kapatid sa kanilang pagtrato sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos? Maaaring hindi kayo mga lider at manggagawa, pero dapat pa rin ninyong tuparin ang responsabilidad ng pangangasiwa. Karapatan ito ng hinirang na mga tao ng Diyos. Gayundin, pagdating sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos—ang lahat ng klase ng mga aklat at instrumento; ang pang-araw-araw na pagkain, inumin, at mga aytem; at iba pa—dapat ay tratuhin ito ng lahat nang may pagmamahal at malasakit. Dapat ding magsagawa ang lahat ng mga regular na pagsubaybay, pagkukumpuni, at pagmementena sa iba't ibang bagay na ginagamit nila, at dapat nilang makatwirang gamitin ang mga ito—huwag hayaang masira o masayang ang mga ito habang nasa iyo, o itapon ito nang basta-basta. Sinasabi ng ilan, "Hindi naman sa akin ang bagay na ito. Hindi ko naman ito binili gamit ang pera ko. Ibinigay ito sa akin ng sambahayan ng Diyos—pag-aari ito ng publiko. Hindi ko kailangang isipin kung kailan ito minementena at kinukumpuni, o kung saan ito nakatago. Hindi ko ito puwedeng dalhin kasama ko, na

para bang kinamkam ko ito.” Makatwirang pag-iisip ba ito? Hindi ba’t talagang makasarili ito at walang pagkatao? (Ganoon nga.) Kung gayon, anong mga prinsipyo ang dapat na sundin sa paggamit ng mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos? Kung may isang bagay na inilaan para magamit mo, ikaw ang dapat magkumpuni at mag-ingat dito habang ginagamit mo ito. Ikaw ang ganap na responsable; kahit wala ang pag-uudyok o pangangasiwa ng iba, dapat mong tratuhin, pahalagahan, at protektahan ang aytem na ito na para bang personal mo itong pag-aari. Iyon ang ibig sabihin ng magkaroon ng pagkatao. Anumang kondisyon ng bagay na iyon noong ibinigay ito sa iyo, kapag hindi ka na pinapayagang gamitin ito o tapos ka na rito, dapat mo itong ibalik sa taong nagtatago nito nang buong-buo at nasa orihinal na kondisyon nito. Ito ang tinatawag na pagkakaroon ng katwiran; ito ay isang bagay na dapat nasa pagkatao. Sinasabi mong nananampalataya ka sa Diyos, na may konsensiya at katwiran ka, na mahal mo ang katotohanan, hinahangad mo ito, at nagpapasakop ka rito, pero kung ni wala kang kahit na pinakamababang pagkatao na dapat mayroon ka sa pagtrato mo sa isang materyal na aytem, paano ka pa makapagsasalita tungkol sa pagmamahal sa katotohanan o pagsasagawa rito? Hindi ba’t medyo napakahungkag nito? Kung ni hindi mo matupad ang responsabilidad na dapat mong gawin sa pagtrato mo sa isang materyal na aytem, ibig sabihin nito ay hindi mabuti ang pagkatao mo—“walang pagkatao” ang karaniwang paraan na sabihin ito. Dagdag dito, paano mo man gamitin ang sarili mong mga gamit, magaslaw ka man o metikuloso sa pagtrato sa mga ito, karapatan mo iyon. Walang makikialam. Pero may mga prinsipyo ang sambahayan ng Diyos para sa paggamit sa mga gamit nito. Ang mga prinsipyong ito ay nakabatay lahat sa konsensiya at katwiran, at bagama’t maaaring hindi umabot ang mga ito sa antas ng katotohanan, kahit papaano ay umaayon ang mga ito sa mga pamantayan para sa pagkatao. Kung ni hindi mo matugunan ang pamantayang ito para sa pagkatao, kung ni hindi mo nga matrato at magamit nang tama ang mga instrumento at panustos na ibinibigay sa iyo ng sambahayan ng Diyos, kung mauunawaan mo ba ang katotohanan at makakapasok sa katotohanang realidad ay isang problema—kuwestiyonable ito. Kaya, pagdating sa pagtrato mo sa mga bagay na ito, may karapatan kang gamitin ang mga ito, at natural na may responsabilidad ka rin na kumpunihin, imentena, at ingatan ang mga ito. Dapat mong seryosohin ang mga bagay na ito. Kung gaya ng mga walang pananampalataya ay sinasabi mong, “Hindi naman ito sa akin. Hindi ko naman ito binili gamit ang sarili kong pera. Kung masisira ang pampublikong gamit, masisira ito—bumili na lang ng bago, o kumpunihin ito kung wala nang ibang magagawa. Magkaganoon man, hindi naman na para bang nalugi ako.” Kung ganoon ka mag-isip, problema iyon—nanganganib ka. Wala kang matuwid na karakter, at wala sa tama ang puso mo. Ang tipirin ang sariling mga gamit, pero hindi tratuhing importante ang mga gamit ng sambahayan ng Diyos, hindi pahalagahan nang may pagmamalasakit ang mga iyon—hindi ba’t isang tao iyon na ang puso ay wala sa tama? Gusto ba ng Diyos ang mga taong ang puso ay wala sa tama? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, sinisiyasat ba ng Diyos ang mga taong ang puso ay wala

sa tama? (Sinisiyasat Niya.) Parehong sinisiyasat ng Diyos ang mga taong ang puso ay nasa tama at ang mga wala sa tama. Kapag tinatanggap mo ang pagsisiyasat ng Diyos, ano ang dapat gawin kung matuklasang nag-iisip ka nang ganoon? Hindi ito pansinin? Hayaan na lang ito na hindi nasusuri? Hindi ito intindihin? “Personal na bagay kung ano ba ang iniisip ko. Sino ka para makialam doon? Kung hahayaan mo akong gumamit ng isang bagay, may karapatan akong gamitin ito—ano’t ano man, ayos lang naman basta’t hindi ko sisirain ang kagamitan. Bakit ba napakahihirap at napakarami mong hinihingi?” Mabuting paraan ba ito ng pag-iisip? (Hindi.) Ito ay “kawalan ng pagkatao.” Kung may gayon kang mga kaisipan, dapat mong tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos at sabihing, “O Diyos, may tiwali akong disposisyon, at mahina ang pagkatao ko. Iniisip ko dati na talagang marangal at kagalang-galang ako, na may dignidad ako; hindi ko akalaing ibubunyag ako ng maliit na aytem na ito: May mga makasarili akong pagnanais; wala sa tama ang puso ko; mayroon akong sarili kong maliliit na layon. Handa akong tanggapin ang pagsisiyasat at pagdidisiplina Mo, at handa akong magbago.” Dapat kang manalangin at magsisi sa harap ng Diyos, at hayaan Siyang siyasatin ka. Kapag tinanggap mo na ang pagsisiyasat Niya, paano mo dapat baguhin ang sarili mo? Sasabihin mong, “Imoral na mag-isip gaya ng ginawa ko dati—pag-iisip iyon ng mga walang pananampalataya, ng mga hindi mananampalataya. Hindi na ako puwedeng mag-isip nang gaya niyon. Hindi ko dapat tahakin ang daang iyon. Mananampalataya ako ng Diyos; kailangan kong maging isang taong may pagkatao at dignidad, kailangan kong gawin ang mga bagay na gusto ng Diyos. Kailangan kong baguhin ang paraan ko ng paggamit sa mga instrumento at kagamitan sa hinaharap. Kailangan kong pagpahingahin ang mga iyon kapag nararapat, kumpunihin ang mga iyon kung kinakailangan, at mentenahin ang mga iyon kung kinakailangan. Dapat kong madalas na linisin ang mga iyon, at regular na suriin ang iba’t ibang bahagi ng mga iyon para matiyak ang normal na paggamit. At maglilinis ako kaagad kapag tapos ko nang gamitin ang mga iyon, at ibabalik ko ang mga iyon sa taguan, para hindi mahayaan ang mga walang kinalamang tao na pakialaman ang mga ito.” Pagkatapos, kapag ginamit mong muli ang mga kagamitan sa hinaharap, magiging lalo kang maingat at maasikaso. Palaging magbabago ang mga pananaw mo, at bubuti ang mga paraan mo, magbabago mula sa dati mong makasarili at kasuklam-suklam na mga kaisipan at kilos at magiging pagkaramdam ng responsabilidad, pag-iisip na ingatan ang mga bagay-bagay, at pag-iisip na umako ng responsabilidad. Ang pagbabago sa iyong pag-iisip ang simula ng tunay na pagbabago ng iyong sarili. Ito ay nagiging pagbabago sa mga paraan mo kapag isinakatuparan mo ang pag-iisip at mga pananaw mo sa iyong pagsasagawa. Kapag umabot ka na sa antas na ito, saka makikita ng Diyos na talagang nagbabago ka at nagsisisi; ang mga pagbabago at pagpapalit na ito ay gagawin kang tunay na katanggap-tanggap sa Diyos. Ito ang pagsasagawa sa katotohanan. Ano ang pinakapangunahing bagay na dapat taglayin ng isang tao sa pagsasagawa ng katotohanan? Ang konsensiya at katwirang dapat taglayin ng mga tao. At may konsensiya at katwiran ba ang isang taong makasarili at kasuklam-suklam?

(Wala.) Maaaring alam mo bilang doktrina na hindi mo puwedeng iwang pakalat-kalat ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos, o sirain at sayangin ang mga iyon, o maging iresponsable sa mga iyon—pero sa puso at isipan mo, ano ang saloobin mo? “Ano ang saysay ng pag-iingat sa mga bagay na iyon? Ni hindi nga sa akin ang bagay na iyon.” Kokontrolin ng gayong pag-iisip ang pag-uugali mo, at kung magkagayon, may silbi ba sa iyo ang doktrinang alam mo? Wala—magiging doktrina lamang ito na wala man lang saysay. Kapag lang nagbago ang pag-iisip at mga pananaw mo, at tunay kang nagbago at nagsisi sa harap ng Diyos, saka magsisimulang magbago ang pag-uugali at mga praktikal na kilos mo. Doon lang magsisimulang magkaroon ng pagkatao ang isinasabuhay mo; doon ka lang magsisimulang pumasok sa katotohanang realidad. Ibinubunyag ng gayong maliit na usapin ang pagkatao ng isang tao, pati na rin kung minamahal ba talaga ng taong iyon ang katotohanan.

Ang pamamahala sa iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ay isang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa, at dapat sama-samang maghandog ng pangangasiwa, tulong at buong pusong kooperasyon ang bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos. Responsabilidad ito ng lahat. Dapat magsilbing mga halimbawa ang hinirang na mga tao ng Diyos. Dapat magsimula sila sa sarili nila—kapag lang ginawa nila mismo nang mabuti ang gawain nila saka sila magiging kalipikadong pangasiwaan ang iba, at timbangin kung angkop ba at naaayon sa mga prinsipyo ang ginagawa ng iba. Ito ay isang bagay na may kinalaman sa lahat, ibinubunyag ng maliit na bagay na iyon ang pagkatao ng mga tao, pati na rin ang kanilang saloobin sa katotohanan. Dapat gawin ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito nang maayos at may buong sigla, nang ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, at dapat din tratuhin ng bawat ordinaryong kapatid ang usaping ito nang may kahigpitan at pag-iingat. Dapat mong madalas na suriin ang iyong sarili, suriin kung may mga problema ba sa iyong pagkatao at pag-iisip, at kung anong klaseng saloobin ba ang mayroon ka. Kapag nalaman mong may problema sa saloobin at pag-iisip mo, dapat kang manalangin at magbago kaagad—at kapag pinamamahalaan o ginagamit mo ang mga gamit ng sambahayan ng Diyos, dapat mong pagsikapan na sa isang banda ay hindi sawayin ng konsensiya mo ni magkulang ka sa Diyos, at sa kabilang banda ay hangaan ng iba at mapasang-ayon sila sa ginagawa mo, at masabi nilang may pagkatao ka, na naririyan para makita ng lahat. Ang pangunahing bagay ay ang itaguyod ng mga tao ang mga prinsipyo kapag ginagawa ito. Ito ang obligasyong dapat tuparin ng mga tao, isang bagay na dapat makamit ng bawat miyembro ng sambahayan ng Diyos. Hindi lamang ito responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Kahit papaano ba ay malinaw na sa inyo ang ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Dahil naunawaan na ang mga prinsipyong ito, dapat maging mas maingat at metikuloso na ang mga tao sa paggawa sa gawaing ito, at dapat nilang lalong pagsikapan ito, at hindi maging tamad—kapag ganoon ay halos magagawa na nilang bawasan ang mga pagkasira at pagkasayang sa mga

materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, at maiingatan nila ang mga ito mula sa pag-angkin ng masasamang tao. Ito ay maaaring makamit. Bakit Ko sinasabing madali itong makamit? Ito ay mga usaping maaaring makaharap ng mga tao sa araw-araw na buhay nila sa tahanan. Madaling maging maingat sa pamamahala ng mga bagay sa sarili mong tahanan, kaya kung pangangalagaan mo ang mga gamit ng sambahayan ng Diyos na para bang sa iyo ang mga iyon, nang ayon sa mga hinihingi ng Kanyang sambahayan, at makatwirang ilalaan ang mga iyon, at mababawasan ang pagkasira at pagkasayang, at hindi hahayaang angkinin ng masasamang tao ang mga ito, kung magkagayon ay matutupad mo na ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Mukhang sa kalikasan nito, ang gawaing ito ay isang gampanin ng pangkalahatang usapin. Bakit natin ito tinatawag na gampanin ng pangkalahatang usapin? May kinalaman ito sa pamamahala sa mga materyal na aytem. Pamahalaan at ilaan mo nang maayos ang mga ito, at matutupad mo ang iyong responsabilidad. Gayundin, napakasimple ng prinsipyo ng gawaing ito—kinasasangkutan lamang ito ng iisang prinsipyo, at hindi ito kinasasangkutan ng mga komplikadong katotohanan. Basta't may pasanin at mga tamang layunin ang isang tao, kaya niyang gawin nang maayos ang gawaing ito nang hindi nangangailangang maunawaan ang napakaraming katotohanan, at nang hindi nangangailangan na mabahaginan siya ng napakaraming katotohanan. Kaya, ang gawaing ito ay iisang gampanin, at ito ay isang gampanin ng pangkalahatang usapin. Ito ay isang gawaing madaling gawin ng mga lider at manggagawa. Basta't medyo mas masipag ka, mas palatanong, mas mausisa, mas nagmamalasakit, at may mga tamang layunin, kaya mo itong gawin. Hindi talaga ito komplikado. Natapos na natin ang pagbabahaginan natin sa ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ganoon lang iyon kasimple.

Ang Saloobin at mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Tungkol sa mga Materyal na Aytem ng Sambahayan ng Diyos

Ngayong nauunawaan na ninyo ang responsabilidad na ito ng mga lider at manggagawa, tungkol dito, hihimayin naman natin ang mga pagpapamalas na ipinapakita ng mga huwad na lider kapag ginagampanan nila ang gawaing ito, at kung ano-anong bagay na ginagawa nila ang nangangahulugang puwede silang mailarawan bilang mga huwad na lider. Una, kapag ginagawa ng mga huwad na lider ang gawaing ito, hindi nila kayang pangalagaan nang tama ang iba't ibang aytem. Ang pangangalaga ang unang aytem ng mahalagang gawain pagdating sa lahat ng klase ng materyal na aytem. Magulo ang mga huwad na lider sa lahat ng ginagawa nila; bukod sa pagkaipit sa mahirap na sitwasyon pagdating sa katotohanan at sa iba't ibang prinsipyong sangkot dito, magulo rin sila pagdating sa pangangalaga ng iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila alam kung anong mga klase ng tao ang hahanapin para pamahalaan ang mga ito o ang paraan para pangalagaan ang mga ito. Wala silang mga tiyak na layon at walang mga partikular na plano, at lalong walang mga

detalyadong hakbang sa paggawa ng gawaing ito. Kung may taong handang magsikap, mapangangalagaan ang mga aytem na ito; kung wala, hahayaan ng isang huwad na lider na kaswal ang mga ito na maisantabi. Hindi sila naghahanap ng angkop na tao para mangalaga ng mga ito o ng angkop na lugar para pagtaguan ng mga ito, at lalong hindi nila pinagbabahaginan ang mga partikular na prinsipyo ng pangangalaga sa mga ito. Gayundin, hindi sila gumagawa ng mga pagsasaayos para sa paglalagak, pagkukumpuni, at pagmementena ng mga materyal na aytem na ito sa hinaharap. Ang ilang huwad na lider ay ganap pa ngang walang alam tungkol sa kung anong mga aytem mayroon ang sambahayan ng Diyos—wala silang pakialam at hindi nila tinatanong ang tungkol dito. Ipagpalagay halimbawa na nag-imprenta ng mga bagong libro ng mga salita ng Diyos ang sambahayan ng Diyos. Kung ilang libro ang natira pagkatapos ipamahagi ang mga iyon, kung sino ang isinaayos na magtago ng mga iyon, kung paano itinatago ang mga iyon, at kung itinatago ba ang mga iyon sa tamang lugar—ang isang huwad na lider ay walang alam sa mga ito, at hindi rin siya magtatanong o mag-uusisa tungkol sa mga ito. Bakit siya hindi mag-uusisa? Iniisip niya na maliit na bagay ang pangangalaga ng mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, na siya ay lider, isang taong gumagawa ng mahahalagang bagay, na eksklusibong nangangaral. Wala man lang siyang pakialam sa “maliliit na bagay” na ito, kundi ipinapasa niya ito para gawin ng mga taong walang nauunawaang kahit ano, at wala silang pakialam kung maayos ba itong nagagawa o hindi. Kaya, hindi man lang nila sineseryoso ang gawain ng pangangalaga ng mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Ito ang isang dahilan. Ang isa pa ay iyong magugulo ang isip ng ilang huwad na lider—hindi maayos ang mga isip nila. Wala silang normal na pag-iisip o kamalayan sa pangangalaga ng mga bagay, at wala silang proseso o landas kung paano pangalagaan ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Kaya, hindi nila alam kung ilan sa mga ito ang nasisira, at hindi rin nila alam kung may mga nangyayaring pagsasayang. Kapag may ilang bagay na kinukuha ng masasamang tao, sinasabi ng isang huwad na lider, “Hayaan ninyo sila—ano’t anuman, nasa mga kamay naman ng Diyos ang lahat ng bagay.” Ang ilang mahahalagang aytem ay ginagamit ng mga indibidwal nang walang pagsang-ayon ninuman; kinukuha ng mga taong iyon ang mga bagay na ito, at hindi magamit ng iba ang mga iyon sa kanilang gawain, at walang nangangahas na hingin ang mga ito. Nagsasabi ang huwad na lider, “Hindi ito malaking usapin. Bumili na lang ng bago. Kinuha nila ang bagay na iyon, kaya hayaan nating gamitin muna nila iyon. Bagay lang naman iyan—pare-pareho lang naman kahit sino pa ang gumamit ng mga iyan. Kung hindi nila ito makatwirang ginagamit, sa pagitan na nila at ng Diyos iyon. Hindi na natin kailangang manghimasok.” Tingnan ninyo kung paano nila ipinapangaral ang isang malaking doktrina para “pangasiwaan” ang isyu, ginagawang maliliit ang malalaking isyu at ginagawang walang halaga ang maliliit na isyu. Walang tinutupad na mga responsabilidad nila ang mga huwad na lider pagdating sa pangangalaga ng iba’t ibang aytem ng sambahayan ng Diyos. Wala silang pakialam o pagtatanong tungkol dito, at hindi nila nilulutas o pinangangasiwaan ang anumang

mga problema. Kahit siyasatin pa ng ang Itaas ang gawain nila, nagsasalita lang sila nang paiwas para malinlang ang mga ito, at iyon na iyon.

Ang ilang kapatid ay bumibili ng mga kagamitan, damit, at gamot para magamit ng sambahayan ng Diyos, at kapag nakita ng isang huwad na lider ang mga aytem na iyon, pagpipilian niya ang mga iyon at kukunin ang magagandang damit, sapatos, at bag para sa kanyang sarili, at hahayaan lang ang iba na kunin ang mga natira na hindi niya mismo kailangan. Kapag nakita ito ng mga hangal na pinamumunuan niya, sasabihin nila, “Pinili ng lider natin ang gusto niya—ngayon, tayo naman. Kapag tapos na tayo, itatapon natin sa mga kapatid na nasa ilalim natin ang mga walang kuwentang bagay na natira.” Kaninumang mga kamay mapunta ang mga ito, sila na ang magmamay-ari nito, at ang mga natitirang bagay na walang may gusto ay isasantabi na, at walang nangangalaga sa mga ito. Kaya, ang iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ay may lugar para pangalagaan sa pangalan lang, pero ang totoo, hindi naman talaga ito pinangangalagaan—ang mga lugar na iyon ay tambakan, walang sinumang namamahala sa mga iyon. Basta na lang nilang inihahagis ang mga bagay sa kung saang lugar at hinahayaang matambak ang mga iyon. May mga damit, sapatos at medyas, gamot, at mga elektronika, pati na rin mga pang-araw-araw na gamit at kasangkapan sa kusina—gulo-gulo ito, may lahat ng klase ng basura doon, at kahit ang pagkain ng mga tao at pagkain ng mga aso ay magkakahalo. Kung tatanungin mo kung sino ang namamahala sa mga ito at kung pinagbubukod-bukod ba nila ang mga ito; o kung may mga tagubilin ba para sa mga ito, at kung paano kailangang pangalagaan ang mga ito; o, kung ang mga ito ba ay hindi kailangan para sa gawain ng sambahayan ng Diyos, kung kailangan ba ito ng mga kapatid—walang nakakaalam ng mga sagot. Talagang normal para sa mga kapatid na hindi ito alam, pero pati ang mga lider at manggagawa ay walang sagot sa kahit ano sa mga tanong na ito—ganap nilang iniiwasan ang responsabilidad para sa mga ito, sinasabing “Hindi ko alam,” o “May taong nag-aasikaso riyan,” at sa gayon ay binabalewala ka, at dinadaya ang sambahayan ng Diyos. Nagiging sanhi ito na hindi malutas ang mga problemang ito. Hindi mahirap para sa mga lider at manggagawa na humanap ng mga akmang tao para pamahalaan ang iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, hindi ba? Ni hindi ginagawa ng mga huwad na lider ang simpleng gawain ng paghahanap ng isang taong tapat para pangalagaan nang maayos ang mga bagay na ito, para gumawa ng maaayos na rekord at panatilihing organisado ang mga ito. Ano ang ginagawa nila kung gayon? Kapag ang mga kapatid ay naghandog sa sambahayan ng Diyos ng mga damit o pang-araw-araw na pangangailangan, at nakita ng mga huwad na lider ang mga aytem na ito, dinadagsa nila ang mga ito, na parang kawan ng mga gutom na lobong sabay-sabay na lumalamon ng karne. Paulit-ulit silang nagsusukat ng alinmang damit na bagay sa kanila, walang tigil na namimili ng mga bagay para sa kanila. Kapag bumibili ang sambahayan ng Diyos ng iba’t-ibang klase ng mahahalaga at mamahaling kasangkapan at kagamitan, nagmamadali silang pumili ng magaganda para sa sarili muna nila. Bakit nila pinipili ang magaganda? Iniisip nila na

bilang isang lider o manggagawa, mayroon silang espesyal na karapatang gumamit ng mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Anumang ibinibigay ng sambahayan ng Diyos, palagi muna nilang pinipili ang pinakamagagandang bagay. Ganito nila tratuhin ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Paggawa ba ito sa gawain? Hindi ba't isa itong pagpapamalas ng mga huwad na lider? Pagdating sa mga bagay na may mga expiration date—halimbawa, ang mga pagkain at gamot—wala talagang pakialam sa mga ito ang mga huwad na lider. Hindi sila naghahanap ng mga angkop na tauhan para pamahalaan ang mga ito, ni sinasabihan ang mga tauhan na, "Ang ilan sa mga bagay na ito ay may mga expiration date kaya i-rekord mo kaagad ang mga ito. Bilisan mong ipamahagi ang mga ito sa mga kapatid bago ang petsa ng expiration ng mga ito, para makatwirang magamit ang mga ito—huwag mong hintaying masira ang mga ito; huwag mong hayaang masayang ang mga ito." Hindi kailanman ginagawa ng mga huwad na lider ang mga ganitong bagay. Kapag may nae-expire, basta na lang nila ito itinatapon. Kapag gumagampan ng gawain ang mga lider at manggagawa sa sambahayan ng Diyos, sa mahigpit na pananalita, dapat sila ang maging mga katiwala ng sambahayan ng Diyos. Ang unang bagay na dapat nilang gawin ay ang makatwirang pangalagaan nang maayos ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos, mahigpit na bantayan ang mga ito at magsagawa ng mga wastong pagbeberipika sa usaping ito. Ito rin ay isang pundamental na aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos, pero ni hindi makagawa ang mga huwad na lider ng gayong pundamental na gawaing gaya nito. Sila ba ay magugulo ang isip, mahihina ang kakayahan, at mga mangmang—o wala ba sa tama ang mga puso nila? Kung mangmang at magugulo ang isip nila, paanong alam nila kung paano mamili ng magagandang aytem para sa sarili nila? Bakit hindi nila iwan ang sarili nilang mga pag-aari o kaswal na ibigay ang mga ito sa ibang tao? Bakit hindi nila sirain o wasakin ang sarili nilang mga pag-aari? At bakit ganito ang saloobin nila sa mga gamit ng sambahayan ng Diyos? Malinaw na wala silang moralidad, at wala sa tama ang mga puso nila. Sa sandaling magkaroon ng katayuan ang mga lider at manggagawa, at nakaharap na ang mas malaking saklaw ng gawain ng sambahayan ng Diyos, nagkakaroon sila ng espesyal na karapatang gumamit ng iba't ibang materyal na aytem at pampublikong pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at sila ang pinakanakakaalam sa mga ito. Pero binabalewala nila ang mga ito, hindi nila wastong pinangangalagaan ang mga ito, at hinahayaan nila ang sinuman na gamitin at kunin ito, hinahayaan lang nila ang sinumang handang magmalasakit sa mga ito na gawin iyon, at kung may isang taong ayaw ingatan ang mga ito at na iresponsable, wala silang pakialam, at kahit pa malaman nilang may problema ang isang tao, hindi nila ito nilulutas. Mga huwad na lider ito. Sa puntong ito, ang kongklusyon natin ay iyong ang mga huwad na lider, bukod sa mahina ang kakayahan at hindi nagbubuhat ng pasanin, ay wala rin sa tama ang puso, at hindi maganda ang karakter. Dahil mahina ang kakayahan at walang abilidad na makaarok ang mga lider na ito, ang hindi nila pagiging mahusay sa gawaing may kinalaman sa katotohanan at buhay pagpasok ay kayang intindihin. At dahil mahina ang

kakayahan nila at wala silang kapabilidad sa gawain, ang hindi nila pagiging mahusay sa gawaing may kinalaman sa administrasyon ay isang bagay rin na maaaring palampasin. Pero iyong hindi man lang nila magawang gampanan ang gawaing may kinalaman sa pamamahala ng iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos—na siyang pinakamababa at simpleng gawain—ay mas malinaw pang nagpapakita ng isang bagay: Para sa ilang huwad na lider, ang problema nila ay hindi kasingsimple ng pagkakaroon ng mahinang kakayahan at hindi pagbubuhat ng pasanin, bukod pa rito, napakababa ng kanilang karakter at ng kanilang pagkatao. Sa pamamagitan ng ating pagbabahaginan sa ikasampung responsabilidad ng mga lider at manggagawa, isa pang pagpapamalas ng mga huwad na lider ang nabunyag: Hindi lamang sila may mahinang kakayahan, hindi nagbubuhat ng pasanin, at nagpapasasa sa kaginhawahan ng laman—mababa rin ang kanilang karakter, at wala sa tama ang puso nila. Wala silang pakialam sa mga bagay na hindi sa kanila—hindi nga nila ito pinangangalagaan. Ginawa kang katiwala ng sambahayan ng Diyos, pero hindi ka tumatanaw ng utang na loob at hindi mo pinoprotektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos habang nagiging palamunin nito; kaswal mong inihahagis sa isang lugar ang mga gamit ng sambahayan ng Diyos, na para bang sa mga tagalabas ang mga ito, at hindi mo pinangangalagaan ang mga ito, at sa tingin mo ay hindi ito malaking usapin. Hindi ito kabiguang tuparin ang mga responsabilidad mo—problema ito sa iyong pagkatao, malaking kawalan ito ng moralidad! Ang hindi maayos na pangangalaga ng mga bagay na dapat nilang pangalagaan, o ang hindi pangangalaga sa mga ito, ay nagpapahiwatig na walang pagkatao ang mga huwad na lider, at na wala sa tama ang puso nila. Hindi man lang nila mapangalagaan nang maayos ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos, kaya kung ilalaan nila ang mga ito, makatwiran ba nilang magagawa iyon? Mas lalo pa nga silang nagkukulang sa pagkilos nang naaayon sa mga prinsipyo. Nakikita nilang pabayang itinatapon, nasisira, at nasasayang ang mga gamit ng sambahayan ng Diyos, nang walang sinumang mabuti na namamahala sa mga iyon, at alam na alam nila sa kanilang puso na hindi tamang gawin iyon—pero hindi pa rin nila ito pinangangasiwaan. Iyon ay pagkakaroon ng isang pusong wala sa tama. Ang mga walang-kuwentang tao bang iyon, na wala sa tama ang puso, ay makatwirang makapaglalaan ng iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos? Lalo ngang hindi nila magagawa iyon—kung ipapagawa mo sa kanila na ilaan ang mga bagay na iyon, gagawa sila ng mga bagay na mas lalong walang moralidad.

Sa isang iglesia na nasa bukid na nag-aalaga ng mga aso, ang taong responsable sa pag-aalaga sa mga ito ay masyadong nagmamalasakit nang husto sa mga bagong panganak na tuta. Natatakot siya na hindi makukuha ng mga tuta ang nutrisyong kailangan ng mga ito, kaya nag-apply siya para sa mga organikong itlog na ipapakain sa mga aso. Inaprubahan kaagad ng huwad na lider doon ang hiling; hindi niya inisip kung gaano kakaunti ang mga organikong itlog. Hindi nga sapat ang mga iyon para makain ng mga tao, kaya bakit niya ito ibibigay sa mga aso? Hindi ba't isang kakatwang paraan ito ng pangangasiwa sa usaping ito? Ano ang kalikasan ng pag-uugaling ito

ng huwad na lider na iyon? Paano ito dapat ilarawan? Hindi ba't kakatwa ang pagsasagawang ito ng huwad na lider na iyon? Ang sinasabi ng huwad na lider na iyon sa lahat ng oras, tuwing ibinubuka niya ang kanyang bibig, ay mga doktrina na umaakma sa panlasa ng mga tao, pero ang totoo, hindi niya nauunawaan ni katiting ang mga katotohanang prinsipyo, kaya kapag may nangyayari, hinaharap at pinapangasiwaan niya ito nang ayon sa mga imahinasyon, kagustuhan, at pansariling nais ng tao—at sa huli, nauuwi siya sa paggawa ng kasuklam-suklam na bagay gaya ng pagpapakain ng mga organikong itlog sa mga aso. Maituturing bang makatwiran ang ganitong klase ng paglalaan ng huwad na lider na iyon sa mga aytem ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Bakit hindi niya makamit ang makatwirang paglalaan? Sa panlabas, mukhang nakikialam, nagmamalasakit, at sumusubaybay ang huwad na lider na iyon kahit sa napakaliit na usaping ito, at na siya ay may sapat na dahilan at mga batayan para suportahan ang aplikasyong ito—pero kumikilos ba siya nang naaayon sa mga prinsipyo? Kumikilos ba siya nang ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos? Hindi. Kaya, kung titingnan ang kalikasan ng kilos niyang ito, ito ba ay mabuting gawa o masamang gawa? Pagtupad ba ito sa kanyang responsabilidad o isang kapabayaan? Ito ay isang kapabayaan—ito ay walang prinsipyo, ito ay walang ingat na paggawa ng masasamang bagay! Sa pamamagitan ng usaping ito, ano ang nakikita ninyong diwa ng pagkatao ng huwad na lider na ito? Hindi ba't ito ay baluktot na pagkaarok at pikit-matang pagpapatupad ng mga patakaran? Ang bukambibig niya ay tamang mga doktrina, at para bang walang maling parirala rito, pero ang totoo, baluktot ito. Ang gayong mga tao ay huwad na espirituwal at may baluktot na pagkaarok—mga piraso sila ng basura na walang espirituwal na pang-unawa. Kababanggit lang natin ngayon na ang pagkatao ng mga huwad na lider ay iyong mababa ang kanilang karakter at wala sa tamang lugar ang mga puso nila. Wala silang mga prinsipyo pagdating ng oras ng paglalaan sa mga aytem ng sambahayan ng Diyos, at pikit-mata nila itong inilalaan, na nagbubunyag na ang mga huwad na lider ay baluktot sa kanilang pagkaarok at pikit-mata nilang ipinapatupad ang mga patakaran, at wala silang prinsipyo sa kanilang mga kilos—kumikilos lang sila nang pikit-mata at padalos-dalos. Sa panlabas, mukhang napakabuting loob at napakabait ng mga huwad na lider, pero ang totoo, ito ay huwad na kabutihang loob at huwad na kabaitan. Halimbawa, noong manganak ng mga tuta ang isang aso, sinabi ng tagapag-alaga na dapat niyang bigyan ang mga aso ng isang bagong kumot na para dapat sa mga tao. Pagkatapos ay may nagsabi, "Sayang naman kung ibibigay ang isang bagong kumot sa mga aso—magiging mas mabuti kung ibibigay na lang ito sa mga kapatid, at ibibigay na lang sa mga hayop ang lumang kumot na papalitan na natin." Ano ang tingin ninyo sa mungkahing ito? Ang paglalaan sa mga tao ng mga bagong bagay at ng mga lumang bagay naman sa mga hayop ay talagang makatwiran. Ito ang prinsipyo; ito ay makatwirang paglalaan. Paano pinangangasiwaan ng mga huwad na lider ang gayong mga bagay kapag nahaharap sila sa mga ito? Pagkatapos itong marinig, nagbulay-bulay ang huwad na lider doon: "Hindi kailanman

nakakagamit ng mga bagong bagay ang mga hayop. Palaging gumagamit ng mga luma at maruruming bagay ang mga ito. Tayong mga tao ay palaging nakakagamit ng mga bagong bagay. Sinabi ng mga salita ng Diyos na minsan ay hindi tayo kasing-buti ng mga baboy o aso. Kaya, huwag tayong makipag-agawan sa mga baboy at aso sa mga bagay-bagay. Kawalan iyon ng pagkatao." Kaya, sa huli, ibinigay niya ang bagong kumot sa mga hayop. Maaaring hindi nawalan ang mga tao roon sa paggamit ng lumang kumot, pero ang paraan ng pangangasiwa sa bagay na ito ay lubos na naglalarawan sa isyu. Anong papel ang ginampanan ng huwad na lider sa usaping ito? Masasabi ba ninyo na magagawa ng mga normal na tao ang gayong bagay? (Hindi.) Kung gayon, anong klase ng mga tao ang hahayaang umabot sa puntong ito ang mga bagay-bagay habang pinangangasiwaan ang usaping ito? (Mga kakatwang klase na walang katwiran o pag-iisip ng mga normal na tao.) Tama lahat ang mga sagot na ito—mga walang kuwenta ang mga taong iyon. Kapag nahaharap ang mga normal na tao sa isang bagay na gaya nito, alam nila kung paano ito pangasiwaan nang makatwiran, pero ang mga huwad na lider na nagkukunwaring espirituwal na may baluktot na pagkaarok ay hindi alam kung paano ito pangasiwaan. Ang paraan nila ng pangangasiwa rito ay mukha ring may batayan, at mukha rin itong naaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, at nasusuportahan ng maraming makatwirang pagmamatuwid—pero pagkarinig dito ng mga tao, hindi nila alam kung tatawa ba sila o iiyak, dahil napakahangal nito. Paanong ni hindi nila maintindihan ang gayong simple at malinaw na lohika? Paano sila nauuwi sa pangangasiwa rito sa ganoon kabaluktot na paraan? Nakakasuka ito. Kung gagawin mo silang mga tagapangasiwa, gagawin nila na manghuli ng mga daga ang mga aso, na magbantay ng bahay ang mga pusa, at na humiga ang mga baboy sa mga kama—magiging magulo ang lahat. Kaya ba ng mga huwad na lider ang makatwirang paglalaan ng iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kakaiba silang uri, mga taong naguguluhan, at kakatwang klase. Bukod sa mga huwad na lider na iyon na may napakabaluktot na pagkaarok at na ang puso ay nasa maling lugar, ginugulo at pinaghahalo rin ng karamihan sa mga huwad na lider ang ganitong uri ng gawain, bagama't may kaunti silang kakayahan at hindi sila baluktot sa kanilang pagkaarok. Hindi man lang nila matupad ang pinakamababababang responsabilidad na dapat nilang gawin. Kaya, kapag tinanong mo sila tungkol sa gawaing ito, palaging pareho ang sagot nila: "Si Ganito-at-ganyan ang nag-aasikaso niyon. Si Ganito-at-ganyan ang nakakaalam. Kung may mga tanong ka, kakailanganin kong itanong kay Ganito-at-ganyan." At iyon na ang huling maririnig mo tungkol dito. Ito ang pagpapamalas na ipinapakita ng mga huwad na lider kapag ginagawa nila ang gawaing ito.

Pagdating sa gawain ng paglalaan sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, bukod sa hindi ito magawa ng mga huwad na lider nang ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, hinahayaan din nila ang marami nilang personal na damdamin, kagustuhan, at pagnanais, pati na rin ang mga personal nilang pagkaunawa, na mahalo rito. Ginagawa nila itong isang halo-halo at magulong gawain,

na wala man lang masasabing mga prinsipyo. Kaya, kapag pinangangasiwaan ng isang huwad na lider ang iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos, madalas na nangyayari, sa mga sitwasyong walang nakakaalam kung ano ba ang nangyayari, na nawawasak ang mga bagay, nasasayang nang walang kadahilanan, o nawawala ang mga bagay-bagay at hindi nagkakatugma ang mga bilang. Kinukuha ng mga indibidwal ang ibang aytem para magamit nang personal, nang hindi ito itinatala o iniuulat. Ni hindi mapangasiwaan nang maayos ng mga huwad na lider ang gayon kasimpleng parte ng gawain ng pangkalahatang usapin. Ginugulo nila ang gawaing ito, pero panatag pa rin sila, inaakalang marami silang natapos na gawain. Hindi kailanman nagsasagawa ng regular na inspeksiyon, pagmementena, at pangangalaga sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ang mga huwad na lider; sa puso nila, wala sila ni katiting na malasakit sa mga aytem na ito. Ipagpalagay na tinanong mo sila, "May namamahala ba sa pagmementena at pangangalaga sa mga kagamitang ito? Nagkaroon ba ng anumang kaso ng pag-aaksaya sa pagbili ng mga reserbang piyesa kapag kinukumpuni ang mga ito? O ng sinumang gumagastos nang sobra o nataga sa presyo? May pinanagot ba sa mga insidenteng iyon? May pinagmulta ba o binigyan ng babala?" Walang magiging alam o pakialam sa kahit na ano rito ang mga huwad na lider. Kung ginamit ba nang di-lehitimo ang pera kapag bumibili ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos, kung may naitalaga bang sinuman para pangasiwaan ang mga bagay na iyon pagkatapos bilhin ang mga ito, kung angkop ba ang mga bagay na binili at kung epektibo bang magagamit ang mga iyon, at, kung hindi, kung ibinalik ba o pinapalitan ang mga iyon sa loob ng takdang panahon—wala silang alam sa mga ito. Mga hangal sila—wala silang alam. Ang iniisip lang ng mga huwad na lider ay kung paano ipangaral ang mga doktrina sa mga pagtitipon para igalang sila ng mga tao; wala silang kapabilidad sa gawain pagdating sa partikular na usapin ng pamamahala sa mga aytem, ni anumang saloobin sa usaping ito. Hindi nila alam na ito ay gawaing dapat nilang gawin, ni hindi nila alam kung paano ito gawin. Ang pananaw ng mga huwad na lider pagdating sa mga aytem ng sambahayan ng Diyos ay na ito ay pag-aari ng lahat, kaya sinumang gustong gumamit ng isang bagay ay puwede itong gamitin, at sinumang nangangailangan ng isang bagay ay maaari itong kunin o mag-apply para dito sa mga nakatataas—na karapatan ito ng lahat, at hindi dapat mapasailalim sa pamamahala o kontrol ng kahit sinong indibidwal ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Kaya, kung may isang taong makasira o makawala ng isang kagamitan, wala silang pakialam, at kung may isang taong mag-apply na bumili ng isang bagay, wala rin silang pakialam kung mahal ba ito o mura. Ang katunayan, may mga panuntunan ang sambahayan ng Diyos para sa mga bagay na ito. Basta't tinutupad ng mga lider at manggagawa ang kanilang mga responsabilidad at isinasagawa nila ang mga wastong pagbeberipika ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, ang lahat ng gayong kawalan at pagkasayang ay puwedeng maiwasan. Pero ni hindi ginagawa ng mga huwad na lider ang pinakasimpleng gawaing ito na maaaring pumigil sa mga kawalan. Hindi ba't kinakain lang nila nang libre

ang pagkain ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba't palamunin lang sila? Hindi ba't isa itong partikular na pagpapamalas ng "pagiging huwad" ng mga huwad na lider? Paano ninyo pangangasiwaan ang gayong lider, kapag may isa kayong nakaharap? (Tatanggalin sila.) Tatanggalin lang sila, at iyon na iyon? Hindi ba't kailangan ninyo silang turuan ng isa o dalawang bagay? "Ang kagamitang iyon ay inilagay riyan, at naging mamasa-masa ito, at walang tumingin dito nang ilang araw. Hindi malinaw kung gagana pa ba ito, o kung nangatngat na ng mga daga ang mga kable. Bakit hindi mo isipin ang mga bagay na ito? Sira na at kailangan nang kumpunihin ang kompiyuter na ginagamit ko. Maaantala nito ang gawain kung hindi ito makukumpuni. Pero maraming beses na akong nag-apply nito sa iyo—bakit hindi mo pa ito pinapansin? Ano ba ang pikit-mata mong pinagkakaabalahan sa buong araw, kaya tuliro ka? Kapag ang isang lider na gaya mo ang inasahan para gawin ang gawain, inaantala mo ang lahat ng gawain, at nasisira mo ang lahat ng kagamitan at mga materyal na aytem. Hindi mo binabantayan o pinamamahalaan ang iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos. Hindi ka angkop na maging isang lider—bilisan mo at magbitiw ka na!" Tama lang ba na pangaralan sila nang ganito? (Oo.) Ano ang taglay ng isang taong naglalakas-loob na pangaralan ang mga lider at manggagawa? Dapat muna siyang maging matapang, at dapat siyang magkaroon ng pagpapahalaga sa katarungan. Maaaring sabihin ng ilan, "Hindi ako mangangahas na pangaralan ang mga lider at manggagawa. Mga opisyal sila, at isang sundalo lang ako, labis na mas mababa ang ranggo ko kaysa sa kanila. May katotohanan sila at kaya nilang mangaral ng mga sermon. Hindi ako magaling sa kahit ano, at wala ako sa posisyon para pangaralan sila." Hindi ba't ito ang lohika ng isang tampalasan? (Ito nga.) Kung gayon, paano ninyo pangangaralan ang ganitong klase ng lider? "Kung kaya mong gawin ang gawaing ito, gawin mo ang makakaya mo para gawin ito, at gawin mo ito nang naaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Anumang isaayos mong gawin namin ay susundin namin. Pero kung hindi mo susubukan ang makakaya mo para magawa ang gawaing ito, kung hindi mo ito gagawin ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos, hindi mo kami magagawang makinig sa iyo kailanman! Bukod doon, kung hindi ka gagawa ng anumang tunay na gawain, may karapatan kaming tanggalin ka sa posisyon mo at paalisin ka! Saktan mo ang sarili mo, kung gusto mong manakit ng iba—huwag mong subukang saktan kaming lahat." Mangangahas ba kayong pangaralan sila nang ganito? (Oo.) Sinasabi ninyo iyan ngayon; gagawin ba ninyo talaga, kapag dumating na ang oras para gawin ito? Sa pangkalahatan, sa mga bagay na may kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo at sa mahahalagang usapin, hindi kayo nangangahas na magsalita nang kaswal, dahil sa takot na ang kawalan ng kabatiran, at linaw sa pagsasalita, ay maaaring mangahulugang hinuhusgahan lamang ninyo ang mga lider at manggagawa at nagdudulot lang kayo ng pagkakagulo. Pero dapat kaya ninyong magkaroon ng kabatiran sa mga usapin ng pamamahala sa mga materyal na aytem; dapat kayong matutong kumilatis sa usaping ito at magkaroon ng pagkaarok sa mga prinsipyo nito.

May isang taong namamahala sa mga damit sa isang pangkat ng mga gumagawa ng pelikula. Wala siyang pakundangan sa kanyang mga kilos, at palagi niyang palihim na nilulustay ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Nang iwan niya ang pangkat ng mga gumagawa ng pelikula, may dinala siyang ilang bagay, at nakita sa pagsusuri kalaunan sa mga account na marami sa perang natanggap niya ang hindi nagtugma. Bukod pa roon, bagama't hindi siya nagtatrabaho, may pera siya, at nakabili rin siya ng maraming mamahaling aytem. Maraming tao ang nambobola sa kanya noong nasa pangkat siya ng mga gumagawa ng pelikula, at gusto nilang lahat na magkaroon ng magandang relasyon sa kanya, para kapag kinailangan nila ng mga damit, kailangan lang nilang manghingi, at bibigyan na niya sila ng ilan. Kapag ang isang tao ay hindi maganda ang relasyon sa kanya, ni hindi niya ibibigay rito ang damit na dapat nitong makuha. Anong problema ito? Ito ay isang problema sa mga tauhan sa pamamahala. Sa isang banda, nilulustay niya mismo ang mga bagay na ito; sa isa pang banda, hindi niya inilaan ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos nang naaayon sa mga prinsipyo, sa halip ay sumunod siya sa mga damdamin niya, sa sarili niyang kalooban, at sa mga ugnayan niya. Ayon sa mga prinsipyo, dapat ay inalis na ang taong ito. Ito ay isang malinaw na problema. Bukod sa hindi ito ginawa ng huwad na lider, itinuring pa ng huwad na lider na isa itong mabuting tao at isinaayos niya na pumunta ito sa ibang lugar para gawin ang tungkulin nito. Hindi ba't pinalalala nito ang pagkakamali? Ano ang tingin ninyo sa paraan kung paano ginampanan ang gawaing ito? Naaayon ba ito sa mga prinsipyo? Natupad ba ng lider na ito ang mga responsabilidad na dapat gawin ng mga lider at manggagawa? (Hindi.) Kung isasantabi sandali kung ano ang makukuhang mga pakinabang ng lider sa pangangasiwa nang ganito sa taong iyon—kung huhusgahan lang kung paano niya pinangasiwaan ang usaping ito, ano ang kalikasan nito? Ito ay iyong pagkupkop sa isang masamang tao batay sa mga damdamin, at hindi pangangasiwa rito ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Kaya, para iugnay ito sa ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, anong pagkakamali ang ginagawa ng ganitong klase ng lider at manggagawa sa kanyang pagtrato sa iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos? Tinupad ba ng lider na ito ang mga responsabilidad niya? Ang pangangasiwa ba niya sa usapin ay batay sa pagprotekta sa mga aytem ng sambahayan ng Diyos? Siguradong hindi. Hindi niya sineryoso ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos, nagpikit-mata pa nga siya habang hinahayaan niya ang mga aytem na ito na sirain o kunin ayon sa kapritso ng masamang tao. Ganito ba niya ito pangangasiwaan kung sarili niyang mga gamit ang nasira o inangkin ng ibang mga tao? Hindi—kung ganoon ang nangyari ay iisipin niya ang paghihiganti at kabayaran. Kung gayon, bakit hindi niya pinangasiwaan nang ganoon ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos? Sinabi pa nga niya, "Puwede siyang kumuha ng ilang aytem, kung gusto niya—hindi naman ganoon karami ang kinukuha niya. Puwede niyang medyo lustayin ang mga ito, kung gusto niya—sino ba ang walang kaunting pagnanais na gawin iyon? Ano ba ang halaga ng kakaunting bagay na nilulustay niya? Hindi naman

ibig sabihin na kaunti ang nakukuha ng iba.” Anong klaseng saloobin ito? Ito ba ang saloobing dapat mayroon ang mga lider at manggagawa sa mga aytem ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Hindi ba’t wala silang utang na loob? At anong lohika ang sinabi nila sa huli? “Hayaan mo siyang lustayin ang mga bagay na iyon—hindi natin kailangang singilin sa kanya ang mga account na ito. Ano ba ang halaga ng kakaunting pera at maliliit na aytem na iyon? Mas marami pa ngang nilulustay ang mga anticristo kaysa roon. Ang paglustay niya sa mga aytem na iyon ay sa pagitan na niya at ng Diyos—problema na niya kung paano niya ipapaliwanag ang kanyang sarili sa harap ng Diyos, pagdating ng panahon. Wala itong kinalaman sa atin.” Anong mga kaisipan at damdamin ang nararanasan ninyo pagkatapos ninyong marinig ang isang lider na sabihin ang gayong bagay? Sinumang may kahit anong pagpapahalaga sa katarungan, na may kaunting kamalayan sa konsensiya, ay tatangis sa loob niya kapag narinig ang mga salitang ito, at maghihinagpis at madidismaya siya, kahit pa ordinaryong tagasunod lang siya, at lalo na kung isa siyang lider o manggagawa! Ang ganitong uri ng huwad na lider ay masyadong nagtatamasa ng biyaya at proteksiyon ng Diyos, at ng napakarami sa mga katotohanan ng Diyos, pero mayroon pa rin siyang ganitong uri ng walang-pusong saloobin sa mga aytem ng sambahayan ng Diyos. Nagtataglay ba siya ng pagkatao? Angkop ba siyang maging isang lider o isang manggagawa? (Hindi.) Sa sandaling tanggalin ang gayong tao, kalipikado ba siyang maging isang lider o manggagawa sa hinaharap? (Hindi—hindi maganda ang pagkatao niya.) Paano naipapamalas ang kanyang hindi magandang pagkatao? (Sa kanyang hindi pagtataguyod sa mga interes ng sambahayan ng Diyos.) Sa anong partikular na kilos niya hindi itinataguyod ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Ano ang diwa ng partikular na pagpapamalas na ito? Ang mga taong gaya nito ay wala sa tamang lugar ang puso at mababa ang kanilang karakter; talagang maayos silang magsalita, pero wala silang anumang tunay na ginagawa. Hinding-hindi dapat maging mga lider at manggagawa ang gayong mga tao. Ang mga taong wala sa tamang lugar ang puso ay hindi nagmamahal sa katotohanan, kundi naririyan para sa sarili nilang pakinabang; ang mga taong wala sa tamang lugar ang puso ay hinding-hindi iniisip ang hinirang na mga tao ng Diyos, at hinding-hindi nila itinataguyod ang gawain ng iglesia o ang mga interes ng sambahayan ng Diyos.

Ang unang pundamental na bagay na dapat gawin ng mga lider at manggagawa ay ang panatilihin ang maayos na pagbabantay sa iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, ang magsagawa ng wastong pagsusuri at magbantay para sa sambahayan ng Diyos, hindi hayaan ang anumang aytem na masira, masayang, o maangkin ng masasamang tao. Ito ang pinakamababang bagay na dapat nilang gawin. Sa sandaling mahirang ka bilang isang lider o manggagawa, itinuturing ka ng sambahayan ng Diyos bilang katiwala nito: Kasama ka na sa mga namamahala, at ang gampaning pinapasan mo ay mas mabigat kaysa sa pinapasan ng iba. Nagdadala ka ng isang malaking responsabilidad. Kaya ang bawat saloobin mo, ang bawat kilos mo, ang bawat plano mo sa pangangasiwa ng mga isyu, at ang bawat pamamaraan mo sa

paglutas ng mga problema, ay kinasasangkutan lahat ng mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kung ni hindi mo isinasaalang-alang ang mga interes ng sambahayan ng Diyos o isinasapuso ang mga iyon, hindi ka angkop na maging isang tagapangasiwa ng Kanyang sambahayan. Anong klaseng tao ito? Bakit hindi siya angkop na maging isang tagapangasiwa ng sambahayan ng Diyos? Sa mga huwad na lider, may ilan na hindi lang mahina ang kakayahan—ang pangunahing problema nila ay iyong wala silang dinadalang pasanin; hindi nila alam kung paano gumawa, pero hindi nila hinahanap ang katotohanan, at hindi nila kayang tuparin maging ang pinakamaliliit na responsabilidad na dapat gawin ng isang tagapangasiwa. Wala silang konsensiya o katwiran. Ito ay dahil wala sa tamang lugar ang puso nila, mababa ang karakter nila, at makasarili at mababang-uri sila; hindi man lang nila itinataguyod ang gawain ng iglesia, kundi madalas na sinisira at ipinagkakanulo ang mga interes ng iglesia, nagpapalakas sa mga tao at itinataguyod ang kanilang mga relasyon sa ibang tao kapalit ng pagpinsala sa mga interes ng iglesia. Hinahayaan nilang masira, masayang, mawala, o maangkin ng masasamang tao ang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, at wala silang anumang pakialam dito, o nadaramang anumang pagkakautang o pagkakonsensiya rito. Kaya, pagdating sa pagpili ng mga lider at manggagawa, kung titingnan ito mula sa perspektiba ng pagkatao, ano ang pangunahing bagay na dapat taglay nila? Dapat ay mayroon silang konsensiya at pagpapahalaga sa katarungan, at dapat ay wasto ang mga motibo nila. Dapat munang makapasa sa pamantayan ang pagkatao nila. Gaano man kalaking kapabilidad sa gawain ang taglay nila, o anumang antas ng kakayahan ang taglay nila, ang mga ganoong klaseng tao ay magiging pasok sa pamantayan bilang mga katiwala kung maglilingkod sila bilang mga superbisor. Kahit papaano man lang, magagawa nilang itaguyod ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ang pare-parehong mga interes ng mga kapatid. Siguradong hindi nila ipagkakanulo ang mga interes ng mga kapatid ni ang mga sa sambahayan ng Diyos. Kapag malapit nang mapahamak o mapinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ang mga kapatid, pinag-isipan na nila ito nang maaga, at sila ang mauunang kikilos at poprotekta sa mga ito, kahit pa ang paggawa niyon ay makakaapekto sa seguridad nila, o mangangailangan na sila ay magbayad ng halaga o magdusa. Lahat ito ay mga bagay na kayang gawin ng mga taong may konsensiya at katwiran. Ang ilang huwad na lider at manggagawa ay nagmamadaling humanap ng ligtas na lugar na mapagtataguan kapag nahaharap sila sa mapapanganib na sitwasyon, pero pagdating sa mahahalagang aytem ng sambahayan ng Diyos—ang mga aklat ng mga salita ng Diyos, mga cell phone, kompiyuter, at iba pa—wala silang pakialam sa mga ito ni tinatanong nila ang tungkol sa mga ito. Kung nag-aalala sila kung paano maaapektuhan ng pagkaaresto nila ang kabuuan ng gawain ng iglesia, puwede naman silang magpadala ng ibang mga tao para pangasiwaan ang mga ito—pero ang mga huwad na lider na ito ay nagtatago lang para sa kapakanan ng sarili nilang seguridad. Takot na takot sila, at para matiyak ang kanilang seguridad, hindi nila ginagawa kung ano ang kaya nila. Kaya maraming

pagkakataon kung saan ang kapabayaan, kawalan ng aksiyon, at pagiging iresponsable ng mga huwad na lider ay nagdudulot na masamsam at makuha ng malaking pulang dragon ang iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos at mga handog sa Diyos kapag nagkakaroon ng mapapanganib na sitwasyon, na nagdudulot ng mga seryosong kawalan. Kapag ang mga sitwasyong iyon ay nagsisimula pa lang mangyari sa iglesia, ang unang dapat isipin ng mga lider at manggagawa ay ang ilagay sa mga angkop na lugar ang mga kagamitan at materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, ang ipagkatiwala ang mga iyon sa mga angkop na tao para mapamahalaan; hinding-hindi dapat hayaan ang malaking pulang dragon na kunin ang mga iyon. Pero walang gayong mga iniisip kailanman ang mga huwad na lider; kailanman ay hindi nila inuuna ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, sa halip inuuna nila ang sarili nilang seguridad. Ang kabiguan ng mga huwad na lider na gumawa ng tunay na gawain ay madalas na nagdudulot na magdusa ng kawalan o pinsala ang iba't ibang mahalagang aytem ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba't isa itong seryosong kapabayaan sa responsabilidad sa bahagi ng mga huwad na lider? (Oo.)

Tungkol naman sa ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ano ang pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider na inilalantad natin? Ang saloobin ng mga huwad na lider sa mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ay kawalan ng malasakit at kawalan ng pagpapahalaga; hindi sila sumusunod sa mga prinsipyo, kundi pabaya nilang inilalaan ang mga bagay na iyon, batay sa sarili nilang mga imahinasyon at kagustuhan. Habang pinamamahalaan nila ang mga bagay-bagay, madalas na sumasailalim sa matataas o mababababang antas ng pagkapinsala at pagkasayang ang mga aytem ng sambahayan ng Diyos, na nagdudulot ng mga kawalan sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ito ang pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider. Ni hindi mapangasiwaan ng mga huwad na lider ang pinakasimple at nag-iisang parteng ito ng gawain ng pangkalahatang usapin; ni hindi nila kayang gawin iyon o gawin iyon nang maayos—kung gayon, ano ang kaya nilang gawin? Kaya, kapag nakita ninyo ang gayong mga tao na umaakto bilang mga lider, maaari ninyong inspeksiyonin at pangasiwaan ang gawain nila. Kung magugulo nila ang iisang parteng ito ng gawain ng pangkalahatang usapin, hindi ginagawa kahit ang kaya naman nilang gawin, at hindi sila humahanap ng ibang mga angkop na tao para gawin ito kapag wala silang oras, dapat tanggalin at alisin kaagad sa kanilang puwesto ang gayong mga lider. Hindi sila kailanman gagamitin ng sambahayan ng Diyos. Angkop ba ito? (Angkop.) Bakit? Ang isang taong wala sa tamang lugar ang puso, na baluktot ang pagkaarok, at kumikilos lamang ayon sa mga damdamin niya at sa kanyang mga makasarili at mababang-uring ambisyon at pagnanais, ay hindi mapagkakatiwalaan. Anong gawain ang kayang gawin nang maayos ng isang taong hindi mapagkakatiwalaan? Anong tungkulin ang kaya niyang gawin nang maayos? Kaya ba niyang gumawa ng isang tungkulin nang may katapatan? (Hindi.)

Sa pamamagitan ng pagbabahaginan ngayon tungkol sa ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, hindi ba't nailatag Ko nang malinaw ang isa pa sa mga prinsipyo at pamantayan na hinihingi sa mga lider at manggagawa? Ang sangkot dito ay hindi ang usapin ng kakayahan, ni ang usapin ng kapabilidad sa gawain, kundi ang usapin ng pagkatao. Obserbahan ninyo ang mga taong nagsisilbi bilang mga lider at manggagawa, o ang mga nililinang ng iglesia, at tingnan ninyo kung mayroon sa kanila na hindi maganda ang pagkatao at na ang puso ay wala sa tamang lugar, na ang pagkatao ay katulad ng sa mga huwad na lider na hinimay sa ikasampung aytem. Kung talagang makakita kayo ng gayong mga lider at manggagawa, kailangan ninyo silang tanggalin, at dapat ninyong tandaan na huwag kailanman maghalal ng gayong mga tao bilang mga lider, at huwag kailanman maglinang ng gayong mga tao para maging mga lider at manggagawa. Kung hindi nauunawaan ng ilang tao ang kalidad ng pagkatao ng gayong mga tao at inihalal nila ang mga iyon, iulat ninyo kaagad. Huwag ninyo silang bigyan ng pagkakataong maging mga lider at manggagawa. Ang mga taong iyon ay hindi nagiging mga lider at manggagawa para gumawa ng tunay na gawain, kundi para wasakin ang gawain ng iglesia. Kung magiging mga lider sila, ang iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos ay mawawasak lang bilang resulta nito. Handa ba kayong makakita ng gayong kahihinatnan? (Hindi.) Kung gayon, paano ninyo dapat tratuhin ang gayong mga tao? Kung sa kasalukuyan ay nagsisilbi sila bilang mga lider, iulat ninyo sila at alisin sila sa kanilang mga posisyon. Kung hindi naman, kung hindi pa sila naihahalal, sabihin ninyo sa lahat: "Hindi mabuti ang taong ito. Huwag ninyo siyang ihalal, anuman ang gawin ninyo; makapipinsala ito sa iglesia." At kung nalinlang at nailigaw ang mga tao na ihalal sila, dapat mong ipaalam ito kaagad sa lahat: "May nagawa tayong mali ngayon. Naihalal natin bilang lider natin ang isang taong hindi maganda ang pagkatao, na wala sa tamang lugar ang puso. Ngayong nagawa na natin ito, makararanas ang mga interes ng sambahayan ng Diyos ng mga kawalan at pinsala. Kailangan natin siyang alisin kaagad sa posisyon niya, para hindi mapinsala ang mga interes at iba't ibang aytem ng sambahayan ng Diyos. Hindi natin siya dapat hayaang magtagumpay sa kanyang pakana." Angkop bang gawin ang bagay na ito? (Angkop.)

Ang mga hinirang bilang mga lider at manggagawa ay hinihingang magkaroon ng kakayahan at kapabilidad sa gawain; ngayon ay may mga hinihingi rin sa kalidad ng kanilang pagkatao. Ano ang masasabi ninyo, dahil ba ito sa ang karamihan sa mga tao ay hindi pasok sa mga pamantayan ng pagiging mga lider at manggagawa? Alin sa tatlong ito ang pinakamahalaga? (Pagkatao.) At ang pumapangalawa? (Kapabilidad sa gawain.) Pagkatapos noon? (Kung mayroon ba silang kakayahan o wala.) Talagang tumpak ang pagkakasunod-sunod na ito. Kapag pipili kayo ng mga lider sa hinaharap, sukatin sila ayon sa pagkakasunod-sunod na ito. Sinasabi ng ilang tao, "May problema sa pagkakasunod-sunod na ito. Ipagpalagay na nauuna ang pagkatao, at may ilang tao na may mabuting pagkatao pero may hindi gaanong mahusay na kakayahan, at kung mapipili sila bilang mga lider, hindi sila makagagawa ng kahit anong tunay na

gawain—kung gayon, ayos pa rin ba na isaalang-alang lamang ang pagkatao ng mga tao?” Ang pagkatao ng mga tao ang pangunahing mahalaga, at ito ang unang bagay na dapat ninyong tingnan, pero hindi lamang ito ang tanging bagay na isasaalang-alang kapag naghahalal ng mga lider at manggagawa. Kung pasok sa pamantayan ang pagkatao ng isang tao, sunod ninyong tingnan ang kanyang kapabilidad sa gawain. Kung wala siyang kapabilidad sa gawain, at hindi niya kayang gumawa ng kahit anong tunay na gawain, puwede ninyong ipagawa sa kanya ang gawain na hindi masyadong mahirap para sa mga abilidad niya. Kung may mabuti siyang pagkatao, at kaya niyang pasanin ang gawain at subukan ang kanyang makakaya para gawin ito nang maayos, at siya ay mapagkakatiwalaan, at hindi na kailangang mag-alala ng sambahayan ng Diyos tungkol sa paggamit sa kanya, at nakakapagpatibay, nakakatulong, at kapaki-pakinabang siya sa karamihan ng mga kapatid, siya ay pasok sa pamantayan. Kung mahina naman ang kakayahan niya at wala siyang kapabilidad sa gawain, o kung karaniwan lang siya pagdating sa kanyang kapabilidad sa gawain, ipagampan ninyo sa kanya ang ilang simpleng gawain o ang iisang trabaho. Kung may mahusay siyang kakayahan at magaling na kapabilidad sa gawain, puwede siyang gumampan ng ilang mahalagang gawain o ilang iba’t ibang trabaho. Hindi ninyo man lang ba kayang magsagawa ng mga ganitong klaseng pagsasaayos? Kung hindi maganda ang pagkatao niya at wala sa tamang lugar ang puso niya, gaano man kahusay ang kapabilidad niya sa gawain, magagawa ba niya nang maayos ang gawain? (Hindi.) Kung namamahala siya sa isang kompanya o sa ilang kawani, maaaring hindi ito problema—ngunit anong mga isyu ang lilitaw kung hinilingan siyang mamahala sa iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos? Una sa lahat, talagang hindi niya pamamahalaan ang mga aytem na iyon o makakagawa ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Wala sa tamang lugar ang puso niya, hindi niya minamahal ang katotohanan, at puro pakana lamang ang nasa puso niya, walang iba kundi mga buktot na ideya at kaisipan, kaya tuwing kumikilos siya, ginagawa niya iyon ayon sa sarili niyang mga kagustuhan, at batay sa sarili niyang mga interes, hindi batay sa mga katotohanang prinsipyo, ni sa pagiging patas. Isinasaalang-alang lamang niya kung ano ang mawawala o mapapala niya, at hindi niya iniisip ang mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos—at samakatwid ay nakatadhana siyang mabigo sa gawain ng mga lider at manggagawa. Paano ito natutukoy? Sa pamamagitan ng kalidad ng kanyang pagkatao; hindi ito natutukoy sa kapabilidad niya sa gawain. Kaya nga, kapag tinitimbang kung ang isang tao ay marangal o hamak, at kung naaabot ba niya ang mga pamantayan ng sambahayan ng Diyos para sa pagpili ng mga lider at manggagawa, tingnan muna ang kanyang pagkatao: Kung maaasahan at pasok sa pamantayan ang pagkatao niya, pagkatapos ay isaalang-alang kung siya ay nagtataglay ng kapabilidad sa gawain at may pasanin; pagkatapos ay isaalang-alang ang iba pang mga aspekto.

Ito ang ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng lider at manggagawa. Ito ang humigit-kumulang na hinimay sa ikasampung aytem ng iba’t ibang pagpapamalas ng

mga huwad na lider. Puwedeng makita ng isang tao sa saloobin at mga pagpapamalas ng kung paano tinatrato ng mga huwad na lider ang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, na karamihan sa kanila ay walang konsensiya at katwiran, na masyadong mababa ang kanilang pagkatao at hindi sila umaako ng responsabilidad—puwede ninyong sabihin na wala sa tamang lugar ang puso nila. Hindi ba't mayroon na tayong isa pang ebidensiyang magagamit ngayon para tukuyin na ang isang tao ay huwad na lider? Hindi kayang gumawa ng gawain ang ilang huwad na lider dahil mahina ang kakayahan nila, at dahil bulag sila at wala silang kabatiran sa mga bagay-bagay. Ang ilan ay hindi gumagawa ng aktuwal na gawain dahil wala sa tamang lugar ang puso nila, at naroroon sila para lamang sa kanilang mga sariling pakinabang—hindi nila itinataguyod ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at wala silang pakialam kung mabuhay man o mamatay ang hinirang na mga tao ng Diyos. Dapat tanggalin at itiwalag kaagad ang bawat uri ng huwad na lider hangga't posible, para maiwasan ang mga pagkaantala sa gawain ng sambahayan ng Diyos at ang pagkapinsala sa Kanyang hinirang na mga tao.

Mayo 1, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (12)

Sa ating huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikasampung aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Maayos na pangalagaan at makatwirang ilaan ang iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos (mga aklat, iba’t ibang kagamitan, pagkaing butil, at iba pa), at magsagawa ng mga regular na inspeksiyon, pagmementena, at pagkukumpuni upang mabawasan ang pagkasira at pagkasayang; gayundin, iwasang angkinin ng masasamang tao ang mga ito.” Ang pagbabahaginan sa ikasampung aytem ay tungkol sa mga gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa at ang mga responsabilidad na dapat nilang tuparin kaugnay sa iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, at kasabay nito, inilantad nito sa pamamagitan ng pagkukumpara ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider. Kung tinutupad ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad na dapat at kaya nilang tuparin sa bawat aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos, pasok sila sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa; kung hindi nila tinutupad ang mga responsabilidad nila at hindi sila gumagawa ng anumang tunay na gawain, napakalinaw na sila ay mga huwad na lider. Tungkol sa ikasampung aytem, siyempre, ang mga huwad na lider ay hindi mahusay sa gawain ng pangangalaga at makatwirang paglalaan ng iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos—ang mga aytem na iyon ay hindi napangangalagaan nang maayos, o maaari pa ngang hindi talaga napangangalagaan, at ang mga huwad na lider ay nagkakamali sa kanilang paglalaan. Maaari pa ngang hindi talaga nila sineseryoso ang gawaing ito. Bagaman ito ay gawain ng mga pangkalahatang usapin, isa pa rin itong responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa at gawain na dapat nilang gawin. Sila man mismo ang gumagawa ng gawain, o isinasaayos man nila ang mga angkop na tao para gawin ito, at nagsasagawa rin ng pangangasiwa, mga pag-iinspeksyon, pagsubaybay, at iba pa, sa anumang kaso, ang gawaing ito ay hindi maihihiwalay sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa—direktang magkaugnay ang mga ito. Samakatwid, pagdating sa gawaing ito, kung ang mga lider at manggagawa ay hindi maayos na nangangalaga at makatwirang naglalaan ng iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos, hindi nila natutupad ang mga responsabilidad nila, at hindi nila nagagawa nang maayos ang gawain nila. Ito ay isang pagpapamalas ng mga huwad na lider. Sa huli nating pagtitipon, nagsagawa tayo ng simpleng paglalantad at paghihimay ng mga pagpapamalas na ipinakikita ng mga huwad na lider habang pinangangasiwaan ang aytem na ito ng gawain ng mga pangkalahatang usapin, at nagbigay tayo ng ilang halimbawa. Kung ang isang tao ay isang huwad na lider, tiyak na hindi niya natupad ang mga responsabilidad niya sa gawaing ito, at ang gawaing ginagawa niya ay hindi pasok sa pamantayan. Ito ay dahil ang mga huwad na lider ay hindi kailanman nagsisikap para sa aktuwal na gawain—kapag naisaayos na ito, tapos na sila rito, at hindi na sila

kailanman sumusubaybay o lumalahok sa gawain. Ang isa pang pangunahing dahilan ay na hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang mga prinsipyo ng anumang gawaing ginagawa nila. Kahit na hindi sila nagiging tamad sa gawain nila, ang ginagawa nila ay hindi tugma sa mga prinsipyo at patakarang hinihingi ng sambahayan ng Diyos, o ganap pa ngang hindi naaayon sa mga prinsipyo. Ano ang ibig sabihin ng hindi naaayon sa mga prinsipyo? Ang implikasyon nito ay na kumikilos sila nang walang ingat, kumikilos nang walang pakundangan batay sa kanilang mga imahinasyon, kagustuhan, at damdamin, at iba pa. Kaya, kahit ano pa man, may dalawang pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider pagdating sa aytem na ito ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: Ang una ay na hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain, at ang pangalawa ay na hindi nila maarok ang mga prinsipyo, kaya hindi sila makagawa ng aktuwal na gawain. Ang mga ito ang mga pangunahing pagpapamalas. Sa huli nating pagtitipon, nagbahaginan tayo at inilantad natin kung paano naipamamalas ang pagkatao ng mga huwad na lider sa pangangasiwa nila sa ganitong uri ng gawain ng mga pangkalahatang usapin. Kahit na sa simpleng, nag-iisang piraso ng gawaing ito, hindi kayang tuparin ng mga huwad na lider ang mga responsabilidad nila. May abilidad silang gawin ang gawaing ito, pero hindi nila ito ginagawa. May kinalaman ito sa karakter at pagkatao ng ganitong uri ng mga tao. Ano ang problema sa pagkatao nila? Wala sa tamang lugar ang puso nila, at mababa ang karakter nila. Halos natapos na natin ang pagbabahaginan natin sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, sa mga pangkalahatang prinsipyo, at sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider sa ilalim ng ikasampung aytem. Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikalabing-isang aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Ikalabing-isang Aytem: Pumili ng mga Maaasahang Taong May Pagkataong Pasok sa Pamantayan Lalo na Para sa Gampanin ng Sistematikong Pagrerehistro, Pagbibilang, at Pangangalaga ng mga Handog; Regular na Suriin at Tingnan Kung Tama ba ang mga Papasok at Papalabas Nang sa Gayon ang mga Kaso ng Paglulustay o Pagwawaldas, Pati Na ang mga Hindi Makatwirang Paggastos, ay Matukoy Kaagad—Ipatigil ang Gayong mga Bagay at Humingi ng Makatwirang Kabayaran; Dagdag pa Rito, Iwasan, sa Anumang Paraan, na Mapasakamay at Makuha ng Masasamang Tao ang mga Handog

Kung Ano ang mga Handog

Ang nilalaman ng ikalabing-isang aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay: "Pumili ng mga maaasahang taong may pagkataong pasok sa pamantayan lalo na para sa gampanin ng sistematikong pagrerehistro, pagbibilang, at pangangalaga ng mga handog; regular na suriin at tingnan kung tama ba ang mga papasok at papalabas nang sa gayon ang mga kaso ng paglulustay o pagwawaldas,

pati na ang mga hindi makatwirang paggastos, ay matukoy kaagad—ipatigil ang gayong mga bagay at humingi ng makatwirang kabayaran; dagdag pa rito, iwasan, sa anumang paraan, na mapasakamay at makuha ng masasamang tao ang mga handog.” Ano ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa sa gawaing ito? Ano ang pangunahing gawain na dapat nilang gawin? (Maayos na pangalagaan ang mga handog.) Ang ikasampung aytem ay tungkol sa pangangalaga at makatwirang paglalaan ng iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos; ang aytem na ito ay tungkol sa maayos na pangangalaga ng mga handog. Ang iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos at ang mga handog nito ay medyo magkatulad—pero pareho ba ang mga ito? (Hindi.) Ano ang pagkakaiba? (Ang mga handog ay pangunahing tumutukoy sa pera.) Ang pera ay isang aspekto nito. Paano nagkakaiba sa kalikasan ang iba’t ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos at ang mga handog? Mga handog ba ang mga libro ng mga salita ng Diyos? Mga handog ba ang iba’t ibang makinang ginagamit para sa gawain? Mga handog ba ang iba’t ibang pang-araw-araw na pangangailangang binibili ng sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Kaya, ano ang mga ito, kung gayon? Sa sambahayan ng Diyos, ang lahat ng libro ng mga salita ng Diyos, at ang lahat ng iba’t ibang uri ng mga kagamitang kinakailangan para sa gawain nito na binibili nito gamit ang perang inihandog ng hinirang na mga tao ng Diyos, kabilang ang iba’t ibang aytem tulad ng mga kamera, audio recorder, mga kompyuter, at mga cell phone—ang lahat ng ito ay ang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Bukod pa sa mga ito, ang mga mesa, upuan, bangko, pagkain, at iba pang mga pang-araw-araw na pangangailangan gaya nito ay ang mga materyal na aytem din ng sambahayan ng Diyos. Ang ilan sa mga aytem na ito ay binili ng mga kapatid, at ang iba ay binili ng sambahayan ng Diyos gamit ang mga handog; ang lahat ng ito ay kinlasipika bilang mga materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos. Pinagbahaginan natin ang paksang ito sa ating huling pagtitipon. Magpapatuloy tayo ngayon para tingnan ang isang mahalagang bagay na ating pagbabahaginan sa ilalim ng ikalabing-isang aytem: ang mga handog. Ano nga ba talaga ang mga handog? Paano itinatakda ang saklaw ng mga ito? Bago tayo magbahaginan tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, kinakailangang linawin ang tanong kung ano ang mga handog. Bagaman karamihan sa mga tao ay nanampalataya dati kay Jesus at tinanggap na ang yugtong ito ng gawain sa loob ng ilang taon, ang konsepto nila ng mga handog ay nananatiling malabo. Hindi malinaw sa kanila kung ano ba talaga ang mga handog. Sasabihin ng ilan na ang mga handog ay pera at mga materyal na aytem na inihahandog sa Diyos, habang sasabihin ng iba na ang mga handog ay pangunahing tumutukoy sa pera. Alin sa mga pahayag na ito ang tumpak? (Basta’t ang isang bagay ay inihandog sa Diyos, pera man ito o anumang aytem, malaki o maliit, isa itong handog.) Iyan ay isang medyo tumpak na pagbubuod. Ngayon na malinaw na ang saklaw at mga limitasyon ng mga handog, tumpak nating bigyang-kahulugan kung ano ba talaga ang mga handog, para maging malinaw sa lahat ang konseptong ito.

Tungkol sa paksa ng mga handog, itinala ng Bibliya na orihinal na hiningi ng Diyos sa tao na ialay ang ikapu sa Diyos—ito ay isang handog. Malaki man o maliit ang halagang inihandog, at anuman ang inihandog—pera man ito o mga materyal na aytem—basta't ikasampung bahagi ito ng kita ng isang tao na dapat ihandog, tiyak na isa itong handog. Ito ang hiningi ng Diyos sa tao, ito ang dapat ihandog sa Diyos ng mga nananampalataya sa Kanya. Ang ikapu na ito ay isang aspekto ng mga handog. May ilang taong nagtatanong, "Tumutukoy lang ba ang ikasampung bahagi na iyon sa pera?" Hindi naman. Halimbawa, kung ang isang tao ay nag-aani ng sampung ektarya ng butil, gaano man karami ang butil na mayroon, ang isang ektaryang halaga ng butil na ito ay dapat na ihandog sa Diyos sa huli—ang ikasampung bahagi na ito ay ang dapat ihandog ng mga tao. Kaya, ang konsepto ng "ikasampung bahagi" ay hindi lang tumutukoy sa pera—hindi lang ibig sabihin nito na kapag ang isang tao ay kumikita ng isang libong yuan, dapat niyang ihandog sa Diyos ang isang daan—sa halip, tumutukoy ito sa lahat ng bagay na nakakamtan ng mga tao, na sumasaklaw sa mas marami pa, kabilang ang mga materyal na bagay at pera. Ito ang sinasabi ng Bibliya. Siyempre, sa kasalukuyan, ang sambahayan ng Diyos ay hindi sobrang higpit na sumusunod sa Bibliya sa paghingi sa mga tao na magbigay ng ikasampung bahagi ng lahat ng nakakamtan nila. Nagbabahagi at nagpapalaganap lang Ako rito ng konsepto at depinisyon ng "ikasampung bahagi," para malaman ng mga tao na ang ikapu ay isang aspekto ng mga handog. Hindi Ko hinihikayat ang mga tao na maghandog ng ikasampung bahagi; kung magkano ang ihahandog ng mga tao ay nakasalalay sa personal nilang pag-arok at kagustuhan, at ang sambahayan ng Diyos ay walang anumang mga karagdagang hinihingi tungkol sa usaping ito.

Ang isa pang aspekto ng mga handog ay ang mga bagay na iniaalay ng mga tao sa Diyos. Sa pangkalahatan, kinabibilangan din ito siyempre ng ikapu; sa partikular, bukod sa ikapu, anumang bagay na inihahandog ng mga tao sa Diyos ay nabibilang sa kategorya ng mga handog. Maraming bagay ang nasasaklaw ng mga inihahandog sa Diyos, halimbawa, pagkain, mga kasangkapan, mga pang-araw-araw na pangangailangan, mga suplementong pangkalusugan, pati na rin ang mga baka, tupa, at iba pa na inihahandog sa altar noong panahon ng Lumang Tipan. Ang lahat ng ito ay mga handog. Kung handog man ang isang bagay ay nakadepende sa intensyon ng naghahandog; kung sinasabi ng naghahandog na ang bagay na ito ay inihahandog sa Diyos, ibinibigay man ito nang direkta sa Diyos o inilalagay sa sambahayan ng Diyos para sa pangangalaga, nabibilang ito sa kategorya ng mga handog, at hindi maaaring basta-bastang galawin ng mga tao. Halimbawa: Kapag bumibili ng mamahaling kompyuter ang isang tao at inihahandog ito sa Diyos, nagiging handog ito; kapag may bumibili ng kotse para sa Diyos, nagiging handog ito; kapag may bumibili ng dalawang bote ng suplementong pangkalusugan at inihahandog ang mga iyon sa Diyos, ang mga boteng iyon ay nagiging mga handog. Walang partikular at tiyak na depinisyon kung ano ang mga materyal na aytem na inihahandog sa Diyos. Sa kabuuan, ito ay isang napakalawak na saklaw—ito

ay ang mga bagay na inihahandog sa Diyos ng mga sumusunod sa Kanya. Maaaring sabihin ng ilan, “Nagkatawang-tao ngayon ang Diyos sa lupa, at ang mga bagay na inihahandog sa Kanya ay sa Kanya—pero paano kung wala Siya sa lupa? Kapag nasa langit ang Diyos, ang mga bagay ba na inihahandog sa Kanya ay hindi mga handog?” Tama ba ito? (Hindi.) Hindi ito batay sa kung ang Diyos ay nasa panahon ng pagkakatawang-tao. Sa anumang kaso, basta’t inihahandog ang isang bagay sa Diyos, isa itong handog. Maaaring sabihin ng ilan, “Napakaraming bagay na inihahandog sa Diyos. Magagamit ba Niya ang mga ito? Magagamit ba Niya ang lahat ng ito?” (Wala iyong kinalaman sa tao.) Iyan ay isang tama at matalas na paraan ng pagsasabi nito. Ang mga bagay na ito ay inihahandog sa Diyos ng mga tao; kung paano Niya ginagamit ang mga ito at kung magagamit ba Niya itong lahat, at kung paano Niya inilalaan at pinangangasiwaan ang mga ito, ay walang kinalaman sa tao. Hindi mo kailangang mabahala o mag-alala tungkol dito. Sa madaling salita, sa sandaling maghandog ng isang bagay ang isang tao sa Diyos, ang bagay na iyon ay nabibilang sa saklaw ng mga handog. Ito ay sa Diyos, at wala itong kinalaman sa sinumang tao. Maaaring sabihin ng ilan, “Sa paraan ng pagsasabi Mo nito, parang sapilitang inaangkin ng Diyos ang pagmamay-ari sa bagay na iyon.” Iyon ba ang nangyayari? (Hindi.) Ang bagay na iyon ay sa Diyos, kaya’t tinatawag itong isang handog. Hindi ito maaaring galawin o ilaan ng mga tao ayon sa kagustuhan nila. Maaaring itanong ng ilan, “Hindi ba’t sayang iyon?” Kahit na sayang ito, wala kang pakialam doon. Maaaring sabihin ng iba, “Kapag ang Diyos ay nasa langit at hindi nagkatawang-tao, hindi Niya matatamasa o magagamit ang mga bagay na inihahandog ng mga tao sa Kanya. Ano ang dapat gawin kung ganoon?” Madaling solusyunan iyon: Naroon ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia para pangasiwaan ang mga bagay na ito ayon sa mga prinsipyo; hindi mo kailangang mabahala o mag-alala tungkol dito. Sa kabuuan, paano man pinangangasiwaan ang isang bagay, sa sandaling mabilang ito sa kategorya ng mga handog, sa sandaling maklasipika ito bilang isang handog, wala itong kinalaman sa tao. At dahil ang bagay na iyon ay pagmamay-ari ng Diyos, hindi maaaring gawin ng mga tao ang gusto nila rito—may mga kahihinatnan sa paggawa nang gayon. Sa panahon ng Lumang Tipan, sa panahon ng pag-aani sa taglagas, naghandog ang mga tao ng lahat ng iba’t ibang uri ng mga bagay sa mga altar. May mga naghandog ng mga butil, prutas, at iba pang iba’t ibang pananim, habang ang iba ay naghandog ng mga baka at tupa. Tinamasa ba ng Diyos ang mga iyon? Kinakain ba Niya ang mga bagay na iyon? (Hindi.) Paano mo nalamang hindi Niya kinakain ang mga iyon? Nakita mo ba? Kuru-kuro mo iyon. Sinasabi mong hindi kinakain ng Diyos ang mga iyon—kung gayon, kung kumagat Siya, ano ang mararamdaman mo? Hindi ba iyon naaayon sa iyong mga kuru-kuro at imahinasyon? Hindi ba’t naniniwala ang ilang tao na dahil hindi kinakain o tinatamasa ng Diyos ang mga bagay na iyon, hindi na kailangang ihandog ang mga iyon? Paano kayo lubos na nakatitiyak? Sinasabi ba ninyong “hindi kinakain ng Diyos ang mga iyon” dahil iniisip ninyong isa Siyang espirituwal na katawan at hindi makakakain, o dahil iniisip ninyong ang Diyos ay may

pagkakakilanlan Niya bilang Diyos, hindi Siya laman at mortal, at hindi Niya dapat tinatamasa ang mga bagay na ito? Nakakahiya ba para sa Diyos na tamasahin ang mga handog na iniaalay sa Kanya ng mga tao? (Hindi.) Kung gayon, hindi ba iyon naaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, o hindi ba iyon naaayon sa pagkakakilanlan ng Diyos? Alin ba talaga rito? (Hindi ito dapat talakayin ng mga tao.) Tama iyan—hindi ito isang bagay na dapat alalahanin ng mga tao. Hindi mo kailangang pagdesisyunan na dapat tamasahin ng Diyos ang mga iyon, o na hindi Niya rin dapat tamasahin ang mga iyon. Gawin mo ang dapat mong gawin, tuparin mo ang iyong tungkulin at mga responsabilidad, at tuparin mo ang iyong mga obligasyon—sapat na iyon. Sa gayon ay makokompleto mo na ang trabaho mo. Tungkol sa kung paano pangangasiwaan ng Diyos ang mga bagay na iyon, usapin na Niya iyon. Ibinabahagi man ng Diyos ang mga ito sa mga tao, o hinahayaang masira ang mga ito, o tinatamasa man Niya ang kaunti sa mga ito, o tinitingnan ang mga ito, hindi ito bukas sa pagpuna, at ito ay lehitimo. May kalayaan ang Diyos pagdating sa kung paano Niya pinangangasiwaan ang mga usaping ito. Hindi ito isang bagay na dapat alalahanin ng mga tao, ni hindi ito isang bagay na dapat nilang husgahan. Hindi dapat basta-bastang nag-iisip ang mga tao tungkol sa mga usaping ito, lalong hindi dapat basta-bastang hinuhusgahan o ginagawan ng pinal na paghuhusga ang mga ito. Nauunawaan mo na ba ngayon? Paano dapat pangasiwaan ng Diyos ang mga handog na ibinibigay sa Kanya ng mga tao? (Pangangasiwaan Niya ang mga iyon ayon sa gusto Niya.) Tama iyon. Ang mga taong nakauunawa nito sa ganoong paraan ay nagtataglay ng normal na katwiran. Pangangasiwaan ng Diyos ang mga bagay na ito ayon sa gusto Niya. Maaari Niyang sulyapan ang mga ito, o talagang hindi tingnan ang mga ito o hindi bigyan ng anumang pansin ang mga ito. Alalahanin mo lang ang paghahandog kapag dumating na ang panahon para doon, at maghandog kapag gusto mo, alinsunod sa mga hinihingi ng Diyos, at nang may pagtupad sa responsabilidad ng tao. Huwag mong alalahanin kung paano pinangangasiwaan at tinatrato ng Diyos ang gayong mga usapin. Sa madaling salita, sapat na kung ang ginagawa mo ay nasa saklaw ng mga hinihingi ng Diyos, naaayon sa pamantayan ng konsensiya, at naaayon sa tungkulin, obligasyon, at responsabilidad ng sangkatauhan. Tungkol naman sa kung paano pinangangasiwaan at tinatrato ng Diyos ang mga aytem na ito, sariling usapin Niya iyon, at hinding-hindi ito dapat husgahan o gawan ng pinal na paghuhusga ng mga tao. Nakagawa kayo nang malaking pagkakamali sa loob lang ng ilang segundo. Tinanong Ko kayo kung tinatamasa o kinakain ba ng Diyos ang mga bagay na ito, at sinabi ninyong hindi Niya kinakain o tinatamasa ang mga iyon. Ano ang pagkakamali ninyo? (Paghusga sa Diyos.) Ito ay padalos-dalos na paglilimita at padalos-dalos na paghusga, at pinatutunayan nitong may mga kahilingan pa rin ang mga tao sa Diyos sa loob nila. Para sa kanila, mali para sa Diyos na tamasahin ang mga bagay na ito, at mali rin para sa Kanya na hindi tamasahin ang mga ito. Kung tatamasahin Niya, sasabihin nilang, “Isa Kang espirituwal na katawan, hindi isang laman at mortal. Bakit Mo tatamasahin ang mga bagay na ito? Labis itong hindi kapani-paniwala!” At kung hindi

pinapansin ng Diyos ang mga bagay na ito, sasabihin naman ng mga tao, “Puspusan kaming nagtrabaho para ihandog sa Iyo ang aming puso, tapos hindi Mo man lang sinusulyapan ang mga aytem na inihandog namin. Mayroon Ka bang anumang pagpapahalaga sa amin?” Dito rin ay may masasabi ang mga tao. Ito ay kawalan ng katwiran. Sa pagbubuod, ano ang saloobin na dapat taglayin ng mga tao sa pagtrato sa usaping ito? (Dapat ihandog ng mga tao ang dapat nilang ihandog sa Diyos, at tungkol naman sa kung paano pangangasiwaan ng Diyos ang mga bagay na ito, hindi talaga dapat magkaroon ang mga tao ng mga kuru-kuro o imahinasyon tungkol dito, ni hindi rin nila dapat husgahan ito.) Oo—iyan ang katwiran na dapat taglayin ng mga tao. May kinalaman ito sa mga aytem na inihahandog sa Diyos, na isa ring aspekto ng mga handog. Ang mga materyal na aytem na inihahandog sa Diyos ay kinabibilangan ng malawak na hanay ng mga bagay. Ito ay dahil namumuhay ang mga tao sa isang materyal na mundo, at bukod sa pera, ginto, pilak, at mga hiyas, marami pang bagay ang itinuturing nilang napakaganda at napakahalaga, at kapag iniisip ng ilang tao ang Diyos o iniisip nila ang pagmamahal ng Diyos, handa silang ihandog sa Diyos iyong mga itinuturing nilang katangi-tangi at mahalaga. Kapag inihahandog ang mga bagay na ito sa Diyos, nabibilang ang mga ito sa saklaw ng mga handog; nagiging mga handog ang mga ito. At kasabay ng pagiging mga handog ng mga ito, ang Diyos na ang bahala sa pangangasiwa ng mga ito—hindi maaaring galawin ng mga tao ang mga ito, wala ang mga ito sa kontrol ng mga tao, at hindi nabibilang ang mga ito sa mga tao. Kapag inihandog mo na ang isang bagay sa Diyos, pagmamay-ari na ito ng Diyos, hindi na nakasalalay sa iyo ang pangangasiwa rito, at hindi ka na maaaring makialam sa bagay na ito. Paano man pangasiwaan o tratuhin ng Diyos ang bagay na iyon, wala itong kinalaman sa tao. Ang mga materyal na aytem na inihahandog sa Diyos ay isa ring aspekto ng mga handog. Nagtatanong ang ilang tao, “Ang pera at mahalagang ginto, pilak, at mga hiyas lang ba ang maaaring maging mga handog? Sabihin, halimbawa, na may naghandog ng isang pares ng sapatos, isang pares ng medyas, o isang pares ng mga insole sa Diyos—maituturing bang mga handog ang mga ito?” Kung susundin natin ang depinisyon ng mga handog, gaano man kalaki o kaliit, o gaano kahalaga o kamura ang isang bagay—kahit isa pa itong panulat o isang piraso ng papel—basta’t inihandog ito sa Diyos, ito ay isang handog.

May isa pang aspekto ng mga handog: mga materyal na aytem na inihahandog sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia. Ang mga bagay na ito ay kabilang din sa kategorya ng mga handog. Ano ang nabibilang sa mga materyal na aytem na ito? Sabihin, halimbawa, na may isang taong bumili ng kotse, at matapos itong imaneho ng ilang panahon, pakiramdam niya ay naging medyo luma na ito, at pagkatapos ay bumili siya ng bagong kotse, at inihandog ang lumang kotse sa sambahayan ng Diyos, para magamit ito ng sambahayan ng Diyos sa gawain nito. Ang kotseng ito kung ganoon ay pag-aari na ng sambahayan ng Diyos. Ang mga bagay na pag-aari ng sambahayan ng Diyos ay dapat iklasipika na mga handog—tama ito. Siyempre, hindi lang mga device at

kagamitan ang mga tanging bagay na inihahandog sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos, mayroon ding iba pang mga bagay; medyo malawak ang saklaw na ito. Sinasabi ng ilang tao, “Ang ikasampung bahagi na inihahandog ng mga tao mula sa lahat ng nakakamtan nila ay isang handog, gayundin ang pera at mga materyal na aytem na inihahandog sa Diyos; wala kaming pagtutol na iklasipika ang mga ito bilang mga handog, walang kuwestyonable tungkol dito. Pero bakit ang mga materyal na aytem na inihahandog sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos ay nabibilang din sa kategorya ng mga handog? Hindi iyon masyadong makatwiran.” Sabihin mo sa Akin, makatwiran bang iklasipika ang mga ito bilang mga handog? (Oo.) At bakit ninyo sinasabi iyon? (Ang iglesia ay umiiral lang dahil umiiral ang Diyos, at kaya anumang bagay na inihahandog sa iglesia ay isa ring handog.) Mahusay na paliwanag. Ang iglesia at ang sambahayan ng Diyos ay pag-aari ng Diyos, at umiiral lang ang mga ito dahil umiiral ang Diyos; may isang lugar lang para pagtipunan at panirahan ng mga kapatid dahil umiiral ang iglesia, at may lugar lang para lutasin ang lahat ng problema ng mga kapatid, at may isang tunay na tahanan lang ang mga kapatid, dahil naroon ang sambahayan ng Diyos. Ang lahat ng ito ay umiiral lang sa pundasyon ng pag-iral ng Diyos. Hindi naghahandog ang mga tao ng mga bagay sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos dahil lang sa ang mga tao sa iglesia ay nananampalataya sa Diyos at mga miyembro ng sambahayan ng Diyos—hindi iyon ang tamang dahilan. Dahil sa Diyos kaya naghahandog ang mga tao ng mga bagay-bagay sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos. Ano ang implikasyon nito? Sino ang basta-basta lang na maghahandog ng mga bagay-bagay sa iglesia kung hindi dahil sa Diyos? Kung wala ang Diyos, hindi iiral ang iglesia. Kapag ang mga tao ay may mga bagay na hindi nila kailangan o na sobra sa mga kinakailangan, maaari nilang itapon o hayaang hindi nagagamit ang mga iyon; may ilang aytem din na maaari ding ibenta. Ang lahat ng paraang ito ay magagamit sa pangangasiwa sa mga bagay na ito, tama? Kaya bakit hindi pinangangasiwaan ng mga tao ang mga iyon sa mga paraang ito—bakit sa halip ay inihahandog nila ang mga iyon sa iglesia? Hindi ba’t dahil ito sa Diyos? (Oo.) Dahil mismo umiiral ang Diyos kaya naghahandog ang mga tao ng mga bagay-bagay sa iglesia. Kaya, anumang inihahandog sa iglesia o sa sambahayan ng Diyos ay dapat ikategorya bilang isang handog. Sabi ng ilang tao, “Inihahandog ko sa iglesia ang pag-aari kong ito.” Ang paghahandog ng bagay na iyon sa iglesia ay katumbas ng paghahandog nito sa Diyos, at may ganap na awtoridad ang iglesia at ang sambahayan ng Diyos sa pangangasiwa sa gayong mga bagay. Kapag naghahandog ka ng isang bagay sa iglesia, nawawalan ito ng anumang koneksyon sa iyo. Ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia ay makatwirang ilalaan, gagamitin, at pangangasiwaan ang mga materyal na aytem na ito ayon sa mga prinsipyong itinakda ng sambahayan ng Diyos. Kaya, saan nagmumula ang mga prinsipyong ito? Mula sa Diyos. Sa pangunahin, ang prinsipyo para sa paggamit ng mga bagay na ito ay na dapat gamitin ang mga ito para sa plano ng pamamahala ng Diyos, at para sa pagpapalaganap sa gawain ng ebanghelyo ng Diyos. Ang mga ito ay hindi para sa eksklusibong paggamit ng sinumang

indibidwal, lalong hindi ng anumang grupo ng tao, kundi para sa paggamit sa gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo at para sa iba't ibang aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Samakatwid, walang sinuman ang may pribilehiyong gamitin ang mga bagay na ito; ang tanging prinsipyo at batayan para sa paggamit at paglalaan ng mga ito ay ang gawin ito ayon sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Ito ay makatwiran at wasto.

Ang mga ito ang tatlong bahagi ng depinisyon ng mga handog, na ang bawat isa ay depinisyon ng isang aspekto ng mga handog, at isang aspekto ng saklaw ng mga ito. Malinaw na sa inyo ngayon kung ano ang mga handog, tama? (Oo.) May ilang nagsabi dati, "Ang bagay na ito ay hindi pera, at hindi sinabi ng taong naghandog nito na para sa Diyos ito. Sinabi lang niya na inihahandog niya ito. Kaya, hindi ito maaaring para sa paggamit ng sambahayan ng Diyos, at lalong hindi ito maaaring ibigay sa Diyos." At kaya, hindi nila ito itinala, at ginamit nila ang bagay na iyon nang palihim ayon sa kagustuhan nila. Makatwiran ba iyon? (Hindi.) Ang sinabi nila mismo ay hindi makatwiran; sinabi rin nilang, "Ang mga handog sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos ay pag-aari ng lahat—maaaring gamitin ang mga ito ninuman," na malinaw na hindi makatwiran. Ito ay dahil mismo sa malabo at hindi malinaw sa karamihan ng tao ang depinisyon at konsepto ng mga handog na ang ilang mababang-uring kontrabida at ilang tao na may mapag-imbot na puso at mga hindi tamang pagnanais ang nagsasamantala sa sitwasyon at iniisip ang tungkol sa pagsunggab sa mga bagay na iyon. Ngayong malinaw na sa inyo ang tumpak na depinisyon at konsepto ng mga handog, magkakaroon kayo ng pagkilatis kapag nakatatagpo kayo ng gayong mga pangyayari at mga tao sa hinaharap.

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa Kaugnay sa Pangangalaga sa mga Handog

I. Wastong Pangangalaga sa mga Handog

Sunod, titingnan naman natin kung ano mismo ang mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa pagdating sa pangangalaga sa mga handog. Sa mga handog, dapat munang maunawaan ng mga lider at manggagawa kung ano ang mga handog. Kapag naghahandog ang mga tao ng ikasampung bahagi ng kinikita nila, handog iyon; kapag malinaw nilang sinasabi na naghahandog sila ng pera o mga aytem sa Diyos, mga handog ang mga iyon; kapag malinaw nilang sinasabi na naghahandog sila ng isang aytem sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos, isang handog iyon. Kapag naunawaan na nila ang depinisyon at konsepto ng mga handog, dapat magkaroon ang mga lider at manggagawa ng tiyak na pagkaarok at pamahalaan ang mga inihahandog ng mga tao, at magsagawa ng wastong pagbeberipika kaugnay nito. Una, dapat silang humanap ng mga maaasahang tao na may pagkataong pasok sa pamantayan para magsilbing mga tagapag-ingat na sistematikong magtatala ng mga handog at

mangangalaga sa mga handog. Ito ang unang gampanin sa gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Ang mga tagapag-ingat ng mga handog na ito ay maaaring may pangkaraniwang kakayahan at hindi nila kayang maging mga lider o manggagawa, pero maaasahan sila, at hindi nila lulustayin ang anuman, habang nasa pag-iingat nila, hindi mawawala o magkakahalo-halo ang mga handog, at mapangangalagaan ang mga ito nang maayos. May mga patakaran sa mga pagsasaayos ng gawain para dito. Walang ibang maaari kundi ang isang maaasahang tao na may pagkataong pasok sa pamantayan. Kapag may nakikitang isang magandang bagay ang mga taong may mababang pagkatao, pinag-iimbutan nila ito, at palagi silang naghahanap ng mga pagkakataon para kunin ito para sa sarili nila. Anuman ang mangyari, palagi nilang hinahangad na makalamang. Ang gayong mga tao ay hindi maaaring gamitin. Ang isang tao na may pagkataong pasok sa pamantayan ay dapat na isang matapat na tao man lang, isang taong pinagkakatiwalaan ng mga tao. Kung inatasang mangalaga ng mga handog o mamahala ng mga ari-arian ng iglesia, gagawin niya ito nang maayos, metikuloso, masigasig, at may labis na pangangalaga. Mayroon siyang may-takot-sa-Diyos na puso at hindi niya maling ilalaan ang mga bagay na ito, ipahihiram ang mga ito, at iba pa. Sa madaling salita, makatitiyak kang kapag ipinagkatiwala mo ang mga handog sa kanya, walang sentimo ang mawawala at walang ni isang aytem ang mawawala. Dapat hanapin ang isang taong gaya nito. Bukod dito, may patakaran ang sambahayan ng Diyos na hindi lang isang taong gayon ang dapat hanapin; pinakamainam ang dalawa o tatlo—na ang ilan sa kanila ay nag-iingat ng mga tala at ang ilan ay nangangalaga. Kapag natagpuan na ang mga taong ito, dapat ikategorya ang mga handog, at dapat gumawa ng mga sistematikong tala ng kung sino ang nangangalaga ng aling kategorya ng bagay, at kung gaano karami ang pinangangalagaan niya. Kapag natagpuan na ang mga angkop na tao at ang mga bagay ay napangalagaan at nairehistro na sa mga kategorya, iyon na ba ang katapusan ng proseso? (Hindi.) Ano ang dapat sunod na gawin, kung gayon? Ang mga talaan ng mga pumapasok at lumalabas ay dapat masuri kada tatlo hanggang limang buwan para makita kung tama ang mga ito—ibig sabihin, kung naging tumpak ang tagapag-ingat ng tala sa kanyang mga tala, kung may nakaligtaan noong inirehistro ito, kung ang kabuuang halaga ay pareho sa mga talaan ng mga pumapasok at lumalabas, at iba pa. Ang gayong gawain ng pagkukuwenta ay dapat gawin nang metikuloso. Ang mga lider at manggagawa na hindi masyadong bihasa sa gayong gawain ay dapat isaayos na gawin ito ng isang tao na medyo mahusay rito, at pagkatapos ay magsagawa ng mga regular na inspeksyon at makinig sa mga ulat nito. Sa kabuuan, nauunawaan man nila o hindi ang gawain ng pagkukuwenta at pangkalahatang pagpaplano, hindi nila maaaring pabayaan ang gawain ng pangangalaga sa mga handog, ni hindi nila ito maaaring balewalain at basta hindi na lang magtanong tungkol dito. Sa halip, dapat silang magsagawa ng mga regular na inspeksyon, kinukumusta ang mga kuwentang nasiyasat na at kung nagtutugma ang mga ito, at pagkatapos ay biglaang sinisiyasat ang ilang talaan ng mga paggastos para makita kung ano ang sitwasyon ng

paggastos kamakailan, kung may anumang pag-aaksaya, kung ano ang kondisyon ng bookkeeping, at kung tumutugma ang mga pumapasok sa mga lumalabas. Dapat may matatag na kontrol ang mga lider at manggagawa sa lahat ng pangyayaring ito. Ito ay isang gampanin na kabilang sa pangangalaga sa mga handog. Sasabihin ba ninyong madali ang gampaning ito? Medyo mahirap ba ito? Sinasabi ng ilang lider at manggagawa, “Ayaw ko sa mga numero; sumasakit ang ulo ko kapag nakikita ko ang mga ito.” Kung gayon ay maghanap ka ng isang angkop na tao para tumulong sa iyo sa mga pag-iinspeksyon at pangangasiwa; hayaan mong tulungan ka niyang kilatisin ang mga bagay na ito. Maaaring hindi mo gusto o hindi ka magaling sa gawaing ito, pero kung alam mo kung paano gamitin ang mga tao at gawin ito nang tama, magagawa mo pa rin nang maayos ang gawaing ito. Gumamit ka ng mga angkop na tao para gawin ito at maaaring makinig ka na lang sa mga ulat nila. Maaari din iyon. Sundin mo ang prinsipyong ito: Regular na suriin at itugma ang lahat ng pinangangalagaang ari-arian kasama ng taong namamahala sa gawaing iyon, at pagkatapos ay magtanong ng ilang katanungan tungkol sa mahahalagang paggastos—maisasakatuparan mo ba ito? (Oo.) Bakit dapat gawin ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito? Dahil ito ay pangangalaga sa mga handog—responsabilidad mo ito.

Ang mga inihahandog ng mga tao sa Diyos ay para tamasahin ng Diyos, pero ginagamit ba Niya ang mga ito? May gamit ba ang Diyos sa perang ito at mga aytem na ito? Hindi ba nakaukol ang mga handog na ito sa Diyos para gamitin sa pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo? Hindi ba’t ang mga ito ay para sa lahat ng gastusin ng gawain ng sambahayan ng Diyos? Dahil nauugnay ang mga ito sa gawain ng sambahayan ng Diyos, ang pamamahala at paggastos ng mga handog ay parehong may kinalaman sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Sinuman ang naghandog ng perang ito o saanman nanggaling ang mga aytem na ito, basta’t pag-aari ang mga ito ng sambahayan ng Diyos, dapat mong pamahalaan ang mga ito nang maayos, at dapat mong subaybayan ang gawaing ito, inspeksiyonin ito, at alalahanin ang tungkol dito. Kung ang mga inihandog para sa Diyos ay hindi magamit nang maayos para ipalaganap ang gawain ng ebanghelyo ng Diyos, kundi sa halip ay walang habas na winawaldas at inaaksaya ang mga ito, o kinakamkam pa nga o inaangkin ng masasamang tao, naaangkop ba iyon? Hindi ba’t iyon ay isang pagpapabaya sa responsabilidad sa bahagi ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Isa itong pagpapabaya sa responsabilidad sa bahagi nila. Kaya, dapat gawin ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito. Ito ang tungkulin na hindi nila maaaring talikuran. Ang maayos na pamamahala ng mga handog, para magamit ang mga ito nang tama sa pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo at sa anumang gawaing may kaugnayan sa pamamahala ng Diyos, ay responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi ito dapat kaligtaan. Maingat na nagsisikap ang mga kapatid na makaipon ng kaunting pera para ihandog sa Diyos. Ipagpalagay na, dahil sa pagiging pabaya at walang ingat ng mga lider at manggagawa sa mga tungkulin nila, ang perang ito ay napasakamay ng masasamang tao—lahat ito ay walang ingat na

winaldas at inaksaya ng masasamang tao, o kinamkam pa nga ng mga ito. Dahil dito, walang sapat na pera ang mga lider at manggagawa para sa mga gastusin sa paglalakbay o para sa mga gastusin sa pamumuhay, at ni wala ring sapat na pera kapag oras na para mag-imprenta ng mga aklat ng mga salita ng Diyos o para bumili ng mga kinakailangang kagamitan at kasangkapan. Hindi ba't inaantala nito ang gawain? Kapag ang perang inihandog ng mga kapatid ay napasakamay ng masasamang tao sa halip na magamit nang wasto, at kailangang gumastos ng pera para sa gawain ng sambahayan ng Diyos, pero hindi sapat ang pera, hindi ba't nahadlangan na ang gawain kung gayon? Hindi ba't nabigo ang mga lider at manggagawa na tuparin ang responsabilidad nila? (Oo.) Dahil nabigo ang mga lider at manggagawa na tuparin ang responsabilidad nila at hindi napamahalaan nang mahusay ang mga handog, at hindi sila naging mabubuting katiwala o hindi nila inilagay ang puso nila sa pagtupad ng responsabilidad nila kaugnay sa gawaing ito, nagkaroon ng mga kawalan sa mga handog at naparalisa o natigil nang ilang panahon ang ilang gawain ng iglesia. Hindi ba't may malaking pananagutan ang mga lider at manggagawa rito? Ito ay kasamaan. Maaaring hindi mo kinamkam, winaldas, o inaksaya ang mga handog na ito, at maaaring hindi mo ibinulsa ang mga ito, pero nangyari ang sitwasyong ito dahil sa iyong kapabayaan at pagwawalang-bahala sa responsabilidad. Hindi ba't dapat mong pasanin ang pananagutan para dito? (Oo.) Ito ay isang napakalaking pananagutan na dapat pasanin!

II. Pagsusuri sa mga Akawnt

Sa gawain nila, bukod sa maayos na pagpapatupad ng iba't ibang pagsasaayos ng gawain at kakayahang makipagbahaginan sa katotohanan para malutas ang mga problema, dapat pangalagaan nang mabuti ng mga lider at manggagawa ang mga handog. Dapat silang maghanap ng mga angkop na tao, ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, para isagawa ang sistematikong pamamahala ng mga handog, at paminsan-minsan, dapat nilang suriin ang mga akawnt. Tinatanong ng ilan, "Paano ko masusuri ang mga ito kung hindi ito pinahihintulutan ng mga pangyayari?" "Hindi ito pinahihintulutan ng mga pangyayari"—dahilan ba ito para hindi suriin ang mga akawnt? Masusuri mo ang mga ito kahit na hindi ito pinahihintulutan ng mga pangyayari; kung hindi ka mismo makapupunta, dapat kang magpadala ng maaasahan at angkop na tao para mangasiwa, at tingnan kung pinangangalagaan ng tagapag-ingat ang mga handog sa angkop na paraan, kung may anumang mga di-pagkakatugma sa mga akawnt, kung maaasahan ba ang tagapag-ingat, kung kumusta ang mga kalagayan niya kamakailan at kung naging negatibo ba siya, kung natakot ba siya nang humarap siya sa mga partikular na sitwasyon, at kung may posibilidad ba ng pagkakanulo. Ipagpalagay na narinig mong kapos sa pera ang pamilya niya—posible bang maaaring gamitin niya sa maling paraan ang mga handog? Sa pamamagitan ng pagbabahaginan at pagtingin sa sitwasyon, maaaring makita mo na medyo maaasahan ang tagapag-ingat, na alam niyang hindi dapat galawin ang mga handog, at na kahit gaano kakapos sa pera ang

pamilya niya, hindi niya ginalaw ang mga handog, at sa pamamagitan ng mahabang panahon ng pagmamasid, maaaring mapatunayan na lubos na maaasahan ang tagapag-ingat. Bukod dito, dapat suriin kung ang kapaligiran sa paligid ng tahanan kung saan itinatago ang mga handog ay mapanganib, kung may mga kapatid bang naaresto ng malaking pulang dragon doon, kung ang tagapag-ingat ba ng mga handog ay naharap sa anumang panganib, kung ang mga handog ay nakatago ba sa isang angkop na lugar, at kung dapat bang ilipat ang mga ito o hindi. Ang kapaligiran at mga sitwasyon ng mga tahanan ng mga tagapag-ingat ay dapat madalas na inspeksiyonin, para makagawa ng mga angkop na tugon at plano anumang oras. Habang ginagawa mo ito, dapat ka ring magtanong paminsan-minsan tungkol sa kung aling mga pangkat ang nakakuha ng mga bagong kagamitan kamakailan, at kung paano nila nakuha ang mga kagamitang iyon. Kung binili ang mga iyon, dapat mong itanong kung may nagsuri ba ng mga aplikasyon at nagpahintulot sa mga ito bago binili ang mga ito, kung binili ba ang mga ito sa mataas na presyo o sa makatwirang presyo sa pamilihan, kung may hindi kinakailangang pera ba na nagastos, at iba pa. Sabihing walang nakitang mga isyu sa mga libro sa pagsusuri at pag-aaral ng mga akawnt, pero natuklasang may ilang tagabili ang madalas na nagwawaldas ng mga handog sa isang maluhong paraan. Gaano man kamahal ang isang bagay, bibilhin nila ito; bukod pa rito, kapag alam na alam naman nilang magse-sale ang isang produkto, na bababa ang presyo nito, hindi sila maghihintay, at sa halip ay bibilhin nila ito kaagad, at bibilhin nila ang magagandang bagay, ang mamahaling bagay, ang mga pinakabagong modelo. Gumagastos ang mga tagabiling ito ng pera nang walang mga prinsipyo at sa isang maluhong paraan, at ginagastos nila ang mga handog para bumili ng mga bagay para sa sambahayan ng Diyos na parang gumagawa sila ng mga bagay para sa kaaway nila. Hindi sila kailanman bumibili ng mga praktikal na bagay ayon sa mga prinsipyo, kundi naghahanap lang ng kahit anong tindahan at agad na bumibili ng mga bagay-bagay maging ano man ang halaga at kalidad ng mga ito. Kapag naiuwi na ang mga aytem, nasisira ang mga ito sa loob lang ng ilang araw ng paggamit, at hindi ito ipinaaayos ng mga tagabiling ito kapag nasira ang mga ito—bumibili sila ng mga bago. Kung sakaling sa pagsusuri ng mga akawnt at pag-aaral ng mga pinansyal na paggastos, natuklasang may ilang taong lubhang nagwawaldas at nag-aaksaya ng mga handog, paano ito dapat pangasiwaan? Dapat bang bigyan ang mga taong iyon ng babala bilang pagdidisiplina, o dapat ba silang pagbayarin ng danyos? Parehong kailangan ang mga iyon, siyempre. Kung matutuklasang wala sa tamang lugar ang puso nila, na sila ay sadyang mga walang pananampalataya, mga hindi mananampalataya, na mga diyablo sila, hindi malulutas ang isyu sa pamamagitan lang ng pagbibigay sa kanila ng babala bilang pagdidisiplina o pagpupungos sa kanila. Paano man pagbahaginan ang katotohanan, hindi nila ito tatanggapin; paano man sila pungusan, hindi nila ito seseryosohin. Kung hihingin sa kanilang magbayad ng danyos, gagawin nila ito, pero patuloy pa rin silang kikilos sa parehong paraan sa hinaharap, at hindi sila magbabago. Tiyak na hindi sila kikilos ayon

sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos; sa halip, kikilos sila nang sutil, walang ingat, at walang prinsipyo. Paano dapat pangasiwaan ang ganitong uri ng tao? Magagamit ba sila sa hinaharap? Hindi sila dapat gamitin; kung gagamitin pa rin sila, ang mga lider at manggagawa ay malalaking mangmang—sadyang napakahangal nila! Kapag natuklasan ang gayong mga hindi mananampalataya, dapat silang tanggalin, itiwalag, at alisin kaagad sa iglesia. Ni hindi sila karapat-dapat na magserbisyo—hindi sila angkop na gawin ito!

Kapag sinusuri ng mga lider at manggagawa ang mga akawnt at paggastos, maaaring hindi lang nila matagpuan ang mga kaso ng pagwawaldas at pag-aaksaya o ilang hindi makatwirang paggastos—maaari din nilang matuklasan na ang ilang taong gumagawa ng gawaing ito ay may mababang karakter, na ang mga ito ay napakababa at makasarili, at na nagdudulot ang mga ito ng mga kawalan sa gawain ng iglesia. Kung matutuklasan mo ang ganitong uri ng sitwasyon, paano mo ito dapat asikasuhin? Madali itong asikasuhin: Dapat mo itong pangasiwaan at lutasin agad-agad—tanggalin ang mga taong iyon, pagkatapos ay pumili ng mga angkop na tao para gawin ang gawain. Ang mga angkop na tao ay nangangahulugang mga tao na ang pagkatao ay pasok sa pamantayan, na nagtataglay ng konsensiya at katwiran, at na kayang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Kapag namimili sila para sa sambahayan ng Diyos, bibili sila ng matitipid na bagay na medyo praktikal at matibay rin, mga bagay na mahalagang bilhin. Hindi naman sa nakatuon sila sa pagbili ng mga mumurahing bagay, pero hindi rin nila nararamdaman ang pangangailangang bilhin ang mga pinakamahal na bagay; sa isang grupo ng magkakatulad na produkto ay pipiliin nila ang mga may medyo magandang pagsusuri at reputasyon, pati na rin ang may mga angkop na presyo, at siyempre, kung mas mahaba ang warranty ng mga ito, lalong mas mabuti. Ito ang uri ng tao na dapat mong hanapin para gawin ang pamimili para sa sambahayan ng Diyos. Dapat tama ang puso niya, at dapat isaalang-alang niya ang sambahayan ng Diyos sa mga pagkilos niya, at pag-isipan nang mabuti ang mga bagay-bagay; dapat din niyang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, kumikilos at umaasal nang maayos, nang walang pagpapaligoy-ligoy at nang may kalinawan. Kapag nahanap mo na ang gayong tao, ipangasiwa mo sa kanya ang ilang bagay para sa sambahayan ng Diyos at obserbahan siya. Kung tila medyo angkop siya, maaari siyang gamitin. Pero hindi dito nagtatapos ang kuwento kapag naisaayos na iyon—sa hinaharap, dapat kang makipagkita sa kanya, makipagbahaginan sa kanya, at inspeksiyonin ang gawain niya. May ilang nagtatanong, “Dahil ba iyon sa hindi siya dapat pagkatiwalaan?” Hindi ito ganap na dahil sa kawalan ng tiwala—minsan, kahit na mapagkakatiwalaan siya, dapat pa ring magsagawa ng mga inspeksyon. At ano ang dapat inspeksiyonin? Tingnan kung nagkaroon ng mga paglihis sa pagsasagawa niya sa mga sitwasyon kung saan hindi niya naunawaan ang mga prinsipyo o kung nagkimkim siya ng baluktot na pagkaarok. Kinakailangan mo siyang tulungan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagbeberipika.

Halimbawa, ipagpalagay na sinabi niyang may isang napakapopular na aytem sa pamilihan, pero hindi niya alam kung may gamit ba ito sa sambahayan ng Diyos, at nag-aalala siya na kung hindi niya ito bibilhin ngayon, maaaring hindi na ito mabibili sa hinaharap. Tinanong ka niya kung paano ito pangangasiwaan. Kung hindi mo alam, dapat mong ipatanong sa kanya sa isang taong may kaugnayan sa propesyonal na gawaing iyon. Sinasabi pagkatapos ng propesyonal na iyon na ang aytem ay isa lang panibagong uso na hindi madalas na magagamit, at na hindi kailangang gumastos ng pera para dito. Gamit ang opinyon ng propesyonal bilang sanggunian, napagpasyahang hindi kailangang bilhin ang aytem, na ang pagbili nito ay isang pag-aaksaya, at ang hindi pagbili nito ngayon ay hindi magiging kawalan. Dapat gawin ng mga lider at manggagawa ang gawain nila hanggang sa ganitong antas. Gaano man kahalaga o kawalang-kuwenta ang isang bagay, kung nakikita nila ito, naiisip ito, o natutuklasan ang tungkol dito, dapat pare-pareho nilang subaybayan at inspeksiyonin ito, at gawin ito sa itinakdang paraan ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng pagtupad sa responsabilidad ng isang tao.

May ilang tao na madalas na nag-aaplay para bumili ng ilang aytem, hinihingi sa sambahayan ng Diyos na bilhin ang mga produktong ito, at sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri at pagsisiyasat, karaniwang natutuklasan na isa lang sa limang hiniling na bagay ang kailangang bilhin, at hindi na kailangang bilhin ang apat na iba pa. Ano ang dapat gawin sa gayong mga kaso? Ang mga aytem na iniaaplay nila ay dapat suriin at isaalang-alang sa isang mahigpit na paraan, hindi dapat magmadaling bilhin ang mga ito. Hindi dapat bilhin ang mga ito dahil lang sinabi ng mga taong iyon na hinihingi ito ng gawain—hindi dapat pahintulutan ang mga taong iyon na arbitraryong mag-aplay para sa mga bagay nang basta-basta sa pagkukunwaring para ito sa gawain nila. Anuman ang gamiting pagkukunwari ng mga taong ito, at gaano man ang kanilang pag-aapura, ang mga lider at manggagawa o ang mga taong namamahala sa mga handog ay dapat na ganap na may matatag na puso. Dapat maingat nilang suriin at siyasatin ang mga bagay na ito; hindi maaaring magkaroon ng kahit kaunting pagkakamali. Ang mga bagay na talagang dapat bilhin ay dapat na saliksikin at aprubahan ng mga lider, at kung ang pagbili sa mga ito ay opsiyonal, dapat itong tanggihan, hindi aprubahan. Kung gagawin ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito nang metikuloso, kongkreto, at malaliman, mababawasan nito ang mga pagkakataon na nawawaldas at naaaksaya ang mga handog, at higit pa rito, siyempre, mababawasan nito ang mga hindi makatwirang paggastos. Ang paggawa ng gawaing ito ay hindi lang usapin ng maingat na pagtingin sa kung ano ang mga naitalang pumapasok at lumalabas sa mga libro, sa kung ano ang mga numero. Pangalawa lang iyon. Ang pinakamahalagang punto ay na dapat nasa tamang lugar ang iyong puso, at na tinatrato mo ang bawat paggastos at bawat tala na para bang tala ito sa sarili mong bank account. Pagkatapos ay titingnan mo ang detalye ng mga ito, at matatandaan mo ang mga ito, at mauunawaan mo ang mga ito—at kung may pagkakamali o problema, masasabi mo ito. Kung titingnan mo ito bilang mga

akawnt ng ibang tao o mga pampublikong akawnt, tiyak na magiging bulag ka sa mata at isipan, walang kakayahang matuklasan ang anumang mga problema. May ilang tao na nag-iipon ng kaunting pera sa bangko, at kada buwan, binabasa nila ang mga statement nila at tinitingnan ang interes, pagkatapos ay sinusuri nila ang mga akawnt—sinusuri nila kung magkano ang ginagastos nila kada buwan, kung ilang withdrawal ang ginagawa nila, at kung magkano ang idinedeposito nila. Ang bawat tala ay nakarekord sa isipan nila, alam nila ang bawat numero na parang sarili nilang adres ang mga ito, at malinaw ang mga ito sa isipan nila. Kung may lumilitaw na problema saanman, makikita nila ito kaagad, at hindi nila pinalalampas maging ang pinakamaliit na pagkakamali. Maaaring maging napakaingat ng mga tao sa sariling pera nila, pero nagpapakita ba sila ng parehong pag-aalala sa mga handog sa Diyos? Sa Aking opinyon, hindi ito ipinakikita ng 99.9% ng mga tao, kaya kapag ang mga handog sa Diyos ay ipinagkakatiwala sa mga tao para sa pangangalaga, madalas na may mga kaso ng pagwawaldas at pag-aaksaya at iba't ibang uri ng hindi makatwirang paggastos, pero walang nakararamdam na ito ay isang problema, at ang mga taong responsable para sa gawaing ito ay hindi rin kailanman nakararamdam ng pagkakonsensiya. Mawalan man sila ng isang daang yuan—kahit mawalan pa sila ng isang libo, sampung libo, wala silang nararamdamang pag-uusig ng konsensiya, pagkakautang, o pag-aakusa sa puso nila. Bakit masyadong magulo ang isip ng mga tao pagdating sa usaping ito? Hindi ba't ipinakikita nitong wala sa tamang lugar ang puso ng karamihan ng tao? Paanong masyadong malinaw sa iyo kung magkano ang naipon mong pera sa bangko? Kapag pansamantalang idineposito ang pera ng sambahayan ng Diyos sa iyong account, para pangalagaan mo ito, hindi mo ito sineseryoso o inaalala ang tungkol dito. Anong mentalidad ito? Hindi ka man lang tapat pagdating sa pangangalaga ng mga handog sa Diyos, kaya mananampalataya ka pa rin ba sa Diyos? Ang saloobin ng mga tao sa mga handog ay patunay ng saloobin nila sa Diyos—ang saloobin nila sa mga handog ay labis na nagsisiwalat ng marami. Walang pakialam ang mga tao sa mga handog at hindi sila nagmamalasakit tungkol sa mga ito. Hindi nila ikalulungkot kung mawawala ang mga handog; hindi nila inaako ang responsabilidad, at wala silang pakialam. Kaya, hindi ba't pareho lang ang saloobin nila sa Diyos? (Oo.) May sinuman bang nagsasabing, "Ang mga handog sa Diyos ay sa Kanya. Hangga't hindi ko pinag-iimbutan o kinakamkam ang mga iyon, ayos lang ang lahat. Ang sinumang kumakamkam sa mga ito ay parurusahan—usapin nila iyon, at nararapat lang ito sa kanila. Wala itong kinalaman sa akin. Wala akong obligasyong mag-alala tungkol dito"? Tama ba ang pahayag na ito? Malinaw na hindi. Saan ito nagkamali, kung gayon? (Hindi tama ang puso niya; hindi niya ipinagtatanggol ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi niya pinoprotektahan ang mga handog.) Ano ang pagkatao ng ganitong uri ng tao? (Makasarili at mababang-uri ito. Masyado niyang inaalala ang sarili niyang mga bagay at pinoprotektahan ang mga ito nang napakabuti, pero hindi siya nagmamalasakit o nagtatanong tungkol sa mga handog sa Diyos. Napakababa ng kalidad ng pagkatao ng mga ganoong tao.) Unang-una, makasarili at

mababang-uri ito. Hindi ba't walang puso ang ganitong uri ng mga tao? Sila ay makasarili at mababang-uri, walang puso, at walang damdamin ng tao. Maaari bang mahalin ng gayong mga tao ang Diyos? Makapagpapasakop ba sila sa Kanya? Maaari ba silang magkaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso? (Hindi.) Para saan ang pagsunod sa Diyos ng gayong mga tao, kung ganoon? (Para magkamit ng mga pagpapala.) Hindi ba't kawalan ng kahihiyan ito? Kung paano tratuhin ng isang tao ang mga handog sa Diyos ay lubos na nagbubunyag sa kung ano ang kalikasan niya. Hindi naman talaga kayang gawin ng mga tao ang kahit anong bagay para sa Diyos. Kahit na kaya nilang gumawa ng kaunting tungkulin, napakalimitado niyon. Kung hindi mo man lang magawang tratuhin ang mga handog—na pag-aari ng Diyos—nang tama o pangalagaan ang mga ito nang maayos, kung nagkikimkim ka ng ganoong uri ng pananaw at saloobin, hindi ba't ikaw ay isang taong pinakawalang pagkatao? Hindi ba't kasinungalingan ang sabihin mong mahal mo ang Diyos? Hindi ba't mapanlinlang ito? Napakamapanlinlang nito! Wala talagang pagkatao sa ganitong uri ng tao—ililigtas ba ng Diyos ang gayong walang-kwentang tao?

III. Pagsusubaybay, Pagsusuri, at Pag-iinspeksiyon sa Lahat ng Uri ng Gastos, Pagsasagawa ng Mahigpit na Pagbeberipika

Para maging mabuting katiwala ng sambahayan ng Diyos ang mga lider at manggagawa, ang unang gawain na dapat nilang gawin nang maayos ay ang pamahalaan nang tama ang mga handog. Higit sa tamang pangangalaga sa mga handog, dapat silang magsagawa ng mahigpit na pagbeberipika sa mga paggastos ng mga handog. Ano ang ibig sabihin ng pagsasagawa ng mahigpit na pagbeberipika? Ang pangunahing ibig sabihin nito ay ganap na wakasan ang mga hindi makatwirang paggastos, at pagsikapang gawing makatwiran at epektibo ang bawat paggastos ng mga handog, sa halip na nawawaldas at nasasayang ang mga handog. Kung may matutuklasang mga kaso ng pag-aaksaya o pagwawaldas, hindi lang dapat agarang pahintuin ng mga lider at manggagawa ang mga ito, kundi dapat ding papanagutin ang mga ito, at tukuyin din ang mga angkop na tao para gawin ang gawain. Dapat alam ng mga lider at manggagawa kung saan eksaktong napupunta ang bawat paggastos at kung para saan ang bawat paggastos sa loob ng saklaw ng pamamahala nila—dapat nilang suriin nang mahigpit ang mga bagay na ito. Halimbawa, kung kulang sa bentilador ang isang silid, dapat magbigay sila ng mga pamantayan para sa kung sino ang bibili nito, magkano ang gagastusin dito, at anong mga gamit ang pinakaangkop na mayroon ito. Sinasabi ng ilang lider at manggagawa, "Abala kami; wala kaming oras na sumama para bumili nito." Hindi hinihingi sa iyo na ikaw mismo ang pumunta at bumili nito. Dapat kang kumuha ng isang mabuting tao, isang taong may kakayahan para pangasiwaan ang gampaning ito. Huwag kang kumuha ng isang mangmang o masamang tao na ang puso ay nasa maling lugar para bumili nito. Alam ng mga taong may normal na pagkatao na dapat silang bumili ng mga bagay na may mga angkop na panksyon at angkop na

presyo—walang-kuwenta ang labis-labis na mga panksyon, at mas mahal ang halaga ng mga ito. Ang mga naghahanap ng kasiyahan na ang mga puso ay wala sa tamang lugar, sa kabaligtaran, ay bumibili ng mga hindi praktikal na bagay na may halo-halong iba't ibang uri ng mga panksyon, na mas mahal ang halaga. Dapat magtaglay ng katwiran ang mga tagabili; dapat nilang maunawaan ang mga prinsipyo. Ang mga biniling aytem ay dapat na praktikal nang hindi nagkakahalaga nang malaki, at ituring na angkop ng lahat. Kung kukuha ka ng isang iresponsableng tao na mahilig gumastos nang walang habas at magwaldas ng pera para gawin ang pagbiling ito, magbabayad lang siya nang mahal para sa pinakamagandang klase ng air conditioner, na sampung beses na mas mahal kumpara sa halaga ng pagbili ng isang bentilador. Naniniwala siya na bagaman mas mahal ito, ang mga tao ang dapat na pangunahin nating prayoridad—ang air conditioner na iyon ay hindi lang sumasala ng hangin, maaari din nitong baguhin ang halumigmig at temperatura, at mayroon itong iba't ibang timer at setting. Hindi ba't pag-aaksaya iyon? Pag-aaksaya at pagwawaldas ito. Ang taong iyon ay naghahanap ng kasiyahan, at gumagastos siya ng pera para sa katuwaan, para magpasikat, hindi para bumili ng mga praktikal na bagay. Nasa maling lugar ang puso ng gayong mga tao. Kung tagabili sila para sa sarili nila, maghahanap sila ng mga paraan para makatipid ng pera, maghahanap ng mga aytem na may deskuwento, at susubukang makipagtawaran. Magtitipid sila kung kaya nila—mas mura, mas mabuti. Pero kapag namimili sila para sa sambahayan ng Diyos, gaano man kalaki ang perang ginagastos nila, wala silang pakialam. Ni hindi man lang sila nag-aabalang tingnan ang mga murang bagay; gusto lang nilang bumili ng mamahalin, de-kalidad, at pinakabagong kagamitan. Ibig sabihin nito ay wala sa tamang lugar ang puso nila. Puwede bang gamitin ang mga tao na nasa maling lugar ang puso? (Hindi.) Kapag nangangasiwa ng mga gampanin para sa sambahayan ng Diyos, ang mga tao na nasa maling lugar ang puso ay gumagawa lang ng mga kakatwa at walang kuwentang mga bagay. Hindi nila ginagastos ang pera sa mga tamang bagay; inaaksaya at winawaldas lang nila ang mga handog, at bawat isa sa mga paggastos nila ay hindi makatwiran.

May ibang tao na may kaisipan ng karukhaan at naniniwala silang dapat nilang bilhin ang mga pinakamurang bagay kapag namimili sila para sa sambahayan ng Diyos, mas mura mas mabuti. Iniisip nila na ito ay pagtitipid ng pera ng sambahayan ng Diyos, kaya eksklusibo silang bumibili ng mga lipas na at mababang kalidad na mga bagay. Bilang resulta, binibili nila ang mga pinakamurang makina na mahinang klase. Nasisira ang mga makinang ito sa oras na ginagamit na ang mga ito, at hindi na makukumpuni at hindi na magagamit ang mga ito. Kung gayon ay kinakailangang bumili ng iba pa na sapat ang kalidad, at na magagamit nang normal, at kaya dagdag na pera na naman ang ginagastos. Hindi ba't kahangalan ito? Dapat tawaging kuripot ang gayong mga tao, at nagtataglay sila ng kaisipan ng karukhaan. Palagi nilang gustong tipirin ang pera ng sambahayan ng Diyos, at ano ang ibinubunga ng lahat ng paghihigpit at pagtitipid nila? Nauuwi ito sa pag-aaksaya, sa pagwawaldas ng pera. Nagpapalusot pa nga sila: "Hindi

ko iyon sinadya. May mabuti akong intensyon—sinusubukan ko lang tipirin ang pera ng sambahayan ng Diyos—hindi ko ginustong gumastos ng pera nang walang pakundangan." May anumang silbi ba ang hindi nila pagkagustong gawin iyon? Sa katunayan, walang pakundangan silang gumagastos ng pera, nagdudulot sila ng pag-aaksaya, at kumukonsumo talaga ito ng pera at lakas-tao. Hindi rin maaaring gamitin ang gayong mga tao—mga mangmang sila, hindi sila sapat na madiskarte. Sa madaling salita, hindi dapat gamitin ang mga taong ang puso ay nasa maling lugar para mamili para sa sambahayan ng Diyos, at gayundin ang mga mangmang. Iyong mga dapat gamitin ay mga madiskarteng tao na may partikular na dami ng karanasan sa pamimili at isang partikular na kakayahan, at na tumitingin sa lahat ng bagay sa isang hindi baluktot na paraan. Anuman ang binibili, dapat praktikal ito, at dapat makatwiran ang presyo nito, at kahit masira ito, dapat madali itong makukumpuni, at dapat madaling makabibili ng mga piyesa nito. Makatwiran iyon. Pagkatapos na bumili ng isang bagay ang ilang tao, makikita nilang may isang buwang palugit ito para maibalik at magmamadali sila para subukan ito, at makukuha nila ang mga resulta sa loob ng buwang iyon. Kung may kaunti itong depekto at hindi gumagana nang maayos, ibabalik nila ito kaagad, at pipili ng iba, binabawasan ang mga kawalan. Ang mga taong ito ay may medyo mabuting pagkatao. Ang mga taong walang pagkatao ay bumibili ng isang bagay, pagkatapos ay isasantabi ito. Hindi nila sinusubukang tingnan kung may anumang mali rito o kung matibay ito, ni hindi nila tinitingnan kung gaano katagal ang warranty nito o kung gaano katagal nila ito dapat ibalik—wala silang pakialam sa alinman dito. Kapag isang araw ay bigla silang nagkaroon ng interes sa aytem na iyon, kukuhanin nila ito at susubukan ito, at saka lang nila matutuklasang sira ito. Susuriin nila ang resibo at makikitang lumampas na ang panahon para maibalik ito, at hindi na maibabalik pa ang aytem. Sasabihin nila pagkatapos, "Bumili na lang tayo ng isa pa kung ganoon." Hindi ba't pag-aaksaya iyon? "Bumili na lang tayo ng isa pa"—sa pariralang iyon, kailangang maglabas ang sambahayan ng Diyos ng panibagong halaga ng pera. Ang pag-aaplay para bumili ng isa pa sa panlabas ay tila para sa kapakanan ng gawain ng iglesia, at isang makatwirang gastusin, gayong sa katunayan, sa kaibuturan ng lahat ng ito, dahil ito sa pagiging pabaya nila sa mga tungkulin nila sa pamamagitan ng hindi agarang pagsusuri sa aytem pagkatapos nila itong bilhin. Naaksaya ang isang halaga ng mga handog, at binayaran ang isa pa, at wala pa ring isang mabuting tao para mangalaga sa bagong aytem, kaya ito rin ay nagamit lang sa maikling panahon bago ito masira. Nakagugulat na walang namamahala sa mga bagay na ito, walang nangangasiwa sa mga problemang lumilitaw—ano ang ginagawa ng mga lider at manggagawa? Ganap silang naging pabaya sa mga responsabilidad nila kaugnay ng gawaing ito—hindi nila nagampanan ang tungkulin nila ng pangangasiwa, pag-iinspeksiyon, at pagsasagawa ng pagbeberipika, kaya't nawaldas at naaksaya nang ganito ang mga handog. Kung mga responsableng tao ang mga tagabili, kaagad nilang ibabalik ang isang aytem na binili nila kapag nakita nilang hindi ito praktikal. Binabawasan nito ang kawalan at pag-aaksaya.

Kung mga iresponsableng tao sila na nasa maling lugar ang puso, bibili sila ng mga bagay na may mababang kalidad, sa gayon ay naaaksaya ang mga handog. Kung gayon, kanino ba talaga dapat isisi ang kawalan ng perang ito? Hindi ba't may responsabilidad dito ang tagabili at gayundin ang mga lider at manggagawa? Kung maingat, kongkreto, at masusing pinangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang usaping ito, hindi ba't natuklasan na dapat ang mga problemang ito? Hindi ba't naiwasto na dapat ang mga kamaliang ito? (Ganoon na nga.) Kung madalas na pumupunta ang mga lider at manggagawa sa mga iglesia sa iba't ibang lugar para inspeksiyonin ang estado ng paggastos ng mga handog, magagawa nilang makita ang mga problema, at mawawakasan ang ganitong uri ng pagwawaldas at pag-aaksaya. Kung ang mga lider at manggagawa ay tamad at iresponsable, ang mga kasong ito ng hindi makatwirang paggastos at ng pagwawaldas at pag-aaksaya ay paulit-ulit na lilitaw—patuloy itong darami. Ano ang nagdudulot ng pagdaming ito? Hindi ba't may kinalaman ito sa hindi paggawa ng mga lider at manggagawa ng tunay na gawain, at sa halip ay iniaangat nila ang sarili nila sa iba at kumikilos na parang mga walang silbing opisyal? (Oo.) Ang gayong mga lider at manggagawa ay walang konsensiya o katwiran, at wala silang pagkatao. Dahil ang lahat ng perang ginagastos ng iglesia ay pag-aari ng sambahayan ng Diyos, at lahat ito ay mga handog sa Diyos, at naniniwala silang wala itong kinalaman sa kanila, hindi sila nagmamalasakit o nagtatanong tungkol dito, at binabalewala nila ito. Naniniwala ang karamihan ng tao na dapat gastusin ang pera ng sambahayan ng Diyos, na ayos lang na gastusin ito sa anumang paraan, na basta't hindi nila ito ibinubulsa o nilulustay, hindi mahalaga kung masayang ito, at na mga tao lang ito na kumukuha ng karanasan at nagpapalawak ng kanilang pananaw. Nagbubulag-bulagan lang ang mga lider at manggagawa rito: "Maaaring gastusin ninuman ang perang iyon paano man niya gusto, at bilhin anuman ang gusto niya. Hindi mahalaga kung gaano karami ang naaaksaya—sinumang nag-aaksaya ng pera ang siyang may pananagutan dito, at haharap siya sa pagganti at kaparusahan sa hinaharap—wala itong kinalaman sa akin. Hindi naman ako ang gumagastos nito, at hindi ko pera ang ginagastos." Hindi ba't ito ang parehong pananaw at saloobing kinikimkim ng mga walang pananampalataya sa paggastos ng mga pampublikong pondo? Para bang ginagastos lang nila ang pera ng mga kaaway nila. Kapag nagtatrabaho ang mga walang pananampalataya sa isang pabrika, kung maluwag ang pamamahala, ang mga aytem na para dapat sa lahat ay palaging mananakaw at mauuwi sa mga tahanan nila o nasisira nang basta-basta, at kung may nasira, hihingin nila sa pabrika na bumili ng bago. Kapag namimili sila para sa pabrika, eksklusibo silang bibili ng magaganda at mga mamahaling bagay. Sa anumang kaso, arbitraryong magagastos ang pera, at nang walang anumang mataas na limitasyon. Kung ang mga mananampalataya sa Diyos ay mayroon ding gayong mentalidad sa mga handog, maliligtas ba sila? Gagawa ba ang Diyos sa gayong grupo ng mga tao? (Hindi.) Kung may ganitong saloobin ang mga tao sa mga handog sa Diyos, dapat malaman mo nang hindi Ko sinasabi sa iyo kung anong uri ng saloobin mayroon ang Diyos sa mga taong iyon.

Ang pinakadirektang paraan kung paano naipamamalas ng isang tao ang saloobin niya sa Diyos ay sa saloobin niya sa mga handog. Anuman ang saloobin mo sa mga handog, iyon ang saloobin mo sa Diyos. Kung tinatrato mo ang mga handog tulad ng pagtrato mo sa mga transaksyon sa iyong sariling bank account—masusi, mabusisi, maingat, mahigpit, responsable, at maasikaso—halos katulad nito ang saloobin mo sa Diyos. Kung ang saloobin mo sa mga handog ay tulad ng iyong saloobin sa pampublikong ari-arian, sa mga gulay sa palengke—kaswal na bumibili ng kaunti ng anumang kailangan mo at hindi man lang tinitingnan ang anumang gulay na hindi mo gusto, hindi pinapansin ang mga ito saan man nakasalansan ang mga ito, walang pakialam kung may kumukuha at gumagamit sa mga ito, nagkukunwaring hindi nakikita kapag nahulog ang mga ito sa lupa at may nakatapak dito, naniniwalang ang lahat ng ito ay walang kinalaman sa iyo—nagbabadya iyon ng problema para sa iyo. Kung ganoon ang uri ng saloobin na mayroon ka sa mga handog, isa ka bang responsableng tao? Magagawa ba ng isang taong tulad mo ang isang tungkulin nang maayos? Malinaw kung anong uri ng pagkatao ang mayroon ka. Sa madaling salita, sa gawain ng pamamahala sa mga handog, ang pangunahing responsabilidad ng mga lider at manggagawa, bukod sa pangangalaga sa mga ito nang maayos, ay na dapat nilang subaybayan ang kasunod na gawain—ang pinakamahalaga, dapat nilang regular na suriin ang mga akawnt, pati na rin subaybayan, suriin, at inspeksiyonin ang lahat ng uri ng gastos, at magsagawa ng mahigpit na pagbeberipika. Dapat ganap nilang wakasan ang mga hindi makatwirang gastos bago ito magresulta sa pagwawaldas at pag-aaksaya; at kung humantong na ang mga hindi makatwirang gastos sa mga bagay na iyon, dapat nilang panagutin ang mga responsable, bigyan ng babala ang mga ito, at pagbayarin ng kompensasyon ang mga ito. Kung hindi mo man lang magawa nang maayos ang gawaing ito, magmadali ka at magbitiw—huwag mong okupahin ang posisyon ng isang lider o manggagawa, dahil hindi mo kayang gawin ang gawain ng isang lider o manggagawa. Kung hindi mo man lang kayang pangasiwaan ang gawaing ito at hindi mo ito magawa nang maayos, anong gawain ang magagawa mo? Sabihin mo sa Akin nang sistematiko: Ilang gampanin ang naroroon, sa kabuuan, na dapat gawin ng mga lider at manggagawa kaugnay sa mga handog? (Ang una ay ang pangangalaga sa mga ito. Ang pangalawa ay ang pagsusuri sa mga akawnt. Ang pangatlo ay ang pagsusubaybay, pagsusuri, at pag-iinspeksiyon sa lahat ng uri ng gastos, at pagsasagawa ng mahigpit na pagbeberipika; dapat wakasan ang mga hindi makatwirang gastos, at sino man ang nagdudulot ng pagwawaldas o pag-aaksaya, dapat silang panagutin at pagbayarin ng kompensasyon.) Madali bang gumawa alinsunod sa mga hakbang na ito? (Oo.) Ito ay isang malinaw na tinukoy na paraan ng paggawa. Kung hindi mo man lang magawa ang gayong simpleng gawain, ano ang magagawa mo bilang isang lider o manggagawa—bilang isang katiwala ng sambahayan ng Diyos? May mga pangyayari na nawawaldas at naaaksaya ang mga handog sa bawat pagkakataon, at kung, bilang isang lider o manggagawa, wala kang kamalayan dito at hindi ka talaga nababagabag tungkol dito, nasa puso mo man lang ba

ang Diyos—may puwang man lang ba sa puso mo para sa Kanya? Kaduda-duda ito. Sinasabi mo na dakila ang iyong mapagmahal-sa-Diyos na puso at na mayroon ka talagang may-takot-sa-Diyos na puso, pero kapag nawawaldas at naaaksaya ang mga handog Niya nang ganito, parang wala kang kamalayan dito at hindi ka talaga nababagabag tungkol dito—hindi ba't nagiging kaduda-duda ang pagmamahal at takot mo sa Diyos? (Ganoon nga.) Maging ang pananalig mo ay kaduda-duda, lalo na ang iyong pagmamahal at takot sa Diyos. Hindi matatag ang pagmamahal at takot mo sa Diyos—hindi ito mapaninindigan! Ang maayos na pangangalaga sa mga handog ay isang obligasyon na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa, at ito rin ay kanilang hindi matatakasang responsabilidad. Kung hindi mapangangalagaan ang mga handog nang maayos, ito ay kapabayaan sa responsabilidad sa bahagi nila—masasabi na ang lahat ng hindi maayos na nangangalaga sa mga handog ay mga huwad na lider at mga huwad na manggagawa.

IV. Agarang Alamin ang Kinaroroonan ng mga Handog, Pati Na Rin ang Iba't Ibang Sitwasyon ng mga Tagapag-ingat ng mga Ito

Bukod sa pag-iinspeksiyon sa estado ng paggastos ng mga handog at paglutas sa mga hindi makatwirang paggastos, may isa pang pinakamahalagang gampanin ang mga lider at manggagawa: Dapat agad nilang alamin ang kinaroroonan ng mga handog, pati na rin ang iba't ibang sitwasyon ng mga tagapag-ingat ng mga ito. Ang layon nito ay para mapigilan ang masasamang tao, mga taong may masasamang balak, at mga taong may mapag-imbot na puso sa pagsasamantala sa mga pagkukulang para kamkamin ang mga handog. Nakikita ng ilang tao na ang sambahayan ng Diyos ay may napakaraming bagay, at na ang ilan ay walang sinumang nagbabantay sa mga ito o nagtatala ng mga ito, at kaya palagi nilang iniisip ang tungkol sa kung kailan nila gagawing sariling pribadong ari-arian ang mga bagay na iyon, at kukunin ang mga ito para sa sarili nilang paggamit. May ganitong mga tao kahit saan. May ilang tao na sa panlabas ay tila hindi nananamantala ng iba at walang malaking pagnanais para sa mga materyal na bagay o pera, pero iyon ay dahil hindi tama ang sitwasyon at mga kondisyon—kung ipagkakatiwala talaga sa kanila ang mga handog para sa pangangalaga, maaari nilang kamkamin ang mga ito. Tinatanong ng ilan, "Pero napakabuting tao nila noon: Hindi sila mapag-imbot, at ayos naman ang karakter nila—kaya't bakit ibinunyag sila ng simpleng pagkakatiwala sa kanila ng kaunting handog?" Nagmumula ito sa hindi mo paggugol ng maraming oras kasama ang mga taong ito, sa hindi mo lubos na pagkaunawa sa kanila, sa hindi pagkilatis sa kalikasang diwa nila. Kung napagtanto mo noong simula pa lang na ganitong uri sila ng tao, naiwasan sana ang kamalasang napasakamay ng masasamang tao ang mga handog. Kaya, para maiwasan na mapasakamay ng masasamang tao ang mga handog, may isa pang mas mahalagang gampanin ang mga lider at manggagawa: agarang alamin at subaybayan ang kinaroroonan ng mga handog at ang iba't ibang sitwasyon ng mga tagapag-ingat ng mga ito. Sabihin nating may isang tao na may ilang

daan o ilang libong yuan sa pag-iingat niya para pamahalaan, kung may kaunti siyang konsensiya, hindi niya ito lulustayin—pero kung sampu-sampu o daan-daang libo ito, hindi maaasahan ang karamihan ng tao, magiging mapanganib ito, at maaaring magbago ang puso nila pagkatapos. Paano maaaring magbago ang puso nila? Hindi madaling maimpluwensiyahan ng ilang daan o libo ang puso ng isang tao, pero sa sampu-sampung libo o daan-daang libo, maaaring madaling maimpluwensiyahan ang puso nila. “Hindi ko kikitain ang ganitong halaga sa ilang habambuhay, at ngayon ay nasa mga kamay ko na ito—magiging mas maginhawa ang buhay ko kung akin ito!” Pinag-iisipan nila ito: “Hindi ako nakokonsensiya sa pag-iisip nang ganito—kaya may diyos ba talaga o wala? Nasaan ang diyos? Hindi ba’t totoo na walang nakakaalam na mayroon ako ng ganitong mga kaisipan? Walang nakaaalam, at hindi ako nakokonsensiya o nababahala—ibig sabihin ba nito na walang diyos? Kung ganoon, kung kukunin ko ang perang ito para sa sarili ko, hindi ba ako mahaharap sa anumang parusa o pagganti? Wala bang magiging mga kahihinatnan?” Hindi ba’t nasa proseso ng pagbabago ang puso ng taong ito? Hindi ba’t nasa panganib ang mga handog na nasa pangangalaga niya? (Nasa panganib ang mga ito.) Bukod dito, may ilang taong namamahala sa mga handog na talagang mahusay, may pundasyon sila sa pananampalataya nila sa Diyos at tapat sila sa mga kilos nila, at kahit ilagay mo pa sa pangangalaga nila ang ilang sampu o daang libong yuan, magagawa nila ito nang maayos, at garantisadong hindi nila ito lulustayin. Pero may ilang walang pananampalataya sa mga pamilya nila, at kapag nakakakita ng pera ang mga taong iyon, namumula ang mga mata ng mga ito, gaya ng kapag namataan ng isang lobo ang biktima nito. Kalimutan na ang tungkol sa sampu-sampu o daan-daang libo—ibubulsa nila ang isang libong yuan, kung makita nila ito. Wala silang pakialam kung kanino ito; naniniwala sila na pag-aari ito ng sinumang makapagbubulsa nito, ng sinumang unang makakukuha nito. Kung may ganitong masasamang lobo sa paligid ng taong nangangalaga sa mga handog, hindi ba’t nanganganib na makamkam ang mga handog saanman, at kailanman? Maaari bang mangyari ang gayong sitwasyon? (Maaari.) Hindi ba’t mapanganib kung ang mga lider at manggagawa ay pabaya at walang pagpapahalaga sa responsabilidad, at hindi man lang nila ito napapansin o nagtatanong tungkol dito at hindi ito sinisiyasat kapag nasa gayong mapanganib na sitwasyon ang mga handog? Maaaring magkaroon ng problema saanman, at kailanman. May isa pang uri ng sitwasyon: May ilang tagapag-ingat na parehong nangangalaga ng pera at iba’t ibang aytem sa tahanan nila, at nagpapatuloy rin sila sa bahay ng mga kapatid at mga lider at manggagawa roon. Maaaring medyo ligtas ito pansamantala, pero angkop ba na itago ang mga handog doon nang mahabang panahon? (Hindi.) Kahit na ang taong nangangalaga ng mga ito ay angkop, ang kapaligiran at mga kondisyon ay tiyak na hindi. Maaaring tanggalin ang mga taong pinapatuloy nila sa bahay, o hindi kaya ay ang mga handog. Kung hindi sinisiyasat ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito ni tinutupad ang responsabilidad nila kaugnay rito, maaaring magkaroon ng pagkakamali saanman,

at kailanman; maaaring dumanas ng kawalan ang mga handog at mapasakamay ng masasamang demonyo saanman, at kailanman. May isa pang uri ng sitwasyon: May ilang iglesia na nasa mga mapanlaban na kapaligiran kung saan madalas na inaaresto ang mga tao, at dahil dito, may malaking tsansa na ang mga lokasyon ng mga tahanan na nangangalaga ng mga handog ay ipagkakanulo, at masasalakay at mahahalughog ng malaking pulang dragon—ang mga handog ay maaaring nakawin ng masasamang demonyo anumang oras. Angkop ba ang gayong mga lugar para pag-imbakan ng mga handog? (Hindi.) Kaya, kung nailagay na ang mga ito roon, ano ang dapat gawin? Kaagad ilipat ang mga ito. May ilang lider at manggagawa na hindi tumutupad sa responsabilidad nila at hindi sila gumagawa ng tunay na gawain. Hindi nila magawang mahulaan o maisip ang mga bagay na ito, wala silang kamalayan sa mga ito, at kapag may nangyaring mali at natangay ng masasamang demonyo ang mga handog, saka lang nila naiisip, “Dapat sana ay nailipat na natin ang mga iyon noon,” at nakararamdam lang ng ganitong bahagyang pagsisisi. Pero kung walang nangyayaring problema, maaaring lumipas ang sampung taon pa, at hindi pa rin nila ililipat ang mga handog. Hindi nila makita ang mga seryosong kahihinatnan na maaaring idulot ng isyung ito, at hindi nila magawang ipriyoridad ang mga bagay-bagay batay sa kahalagahan at kaapurahan. Dapat may malinaw na pagkaunawa ang mga lider at manggagawa sa ganitong sitwasyon kapag nakaharap nila ito: “Ang isa sa mga lugar kung saan iniimbak ang mga handog ay hindi angkop. Napakamapanganib ng kapaligiran, at medyo maraming kapatid ang naaresto, natiktikan, o namanmanan sa paligid. Kailangang makaisip tayo ng paraan para mailabas ang mga handog mula roon. Ang paglipat sa mga ito sa isang medyo ligtas na lugar ay mas mabuting hakbang kaysa iwan ang mga ito kung saan naroroon ang mga ito at hintaying matangay ang mga ito.” Kapag kalilitaw pa lang ng isang sitwasyon at nakikini-kinita nilang nasa panganib ang mga handog, dapat nilang agarang ilipat ang mga ito, para maiwasang masamsam at malamon ang mga ito ng malaking pulang dragon, ang masamang diyablo. Ito ang tanging paraan para matiyak ang seguridad ng mga handog at maiwasang mangyari ang anumang panganib o pagkakamali. Ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Sa sandaling may kahit katiting na tanda ng panganib, sa sandaling may naaresto, sa sandaling may isang sitwasyon na lumitaw, ang unang iniisip dapat ng mga lider at manggagawa ay kung ligtas ba ang mga handog, kung maaari bang mapasakamay ang mga ito ng masasamang tao, o maangkin ng mga ito, o masamsam ng masasamang demonyo, at kung dumanas ba ng anumang kawalan ang mga handog. Dapat kaagad silang gumawa ng mga hakbang para protektahan ang mga handog. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Maaaring sabihin ng ilang lider at manggagawa, “Ang paggawa ng mga bagay na ito ay nangangailangan na humarap kami sa mga panganib. Maaari ba naming hindi gawin ang mga ito? Hindi ba’t totoo na ang mga tao ang pangunahin naming priyoridad, na ibig sabihin ay hindi kailangang unahin ang mga handog at dapat unahin ang mga tao?” Ano ang palagay mo sa tanong nila? May pagkatao ba ang mga taong ito? (Wala.) Ang mahusay na pangangalaga sa mga handog, mahusay

na pamamahala sa mga ito, at mahusay na pagbabantay sa mga ito—ito ang mga responsabilidad na dapat isakatuparan ng isang mabuting katiwala. Sa mas seryosong pananalita, kahit kailanganin mo pang isakripisyo ang iyong buhay, sulit ito at ito ang dapat mong gawin. Responsabilidad mo ito. Palaging sumisigaw ang mga tao, “Ang mamatay para sa Diyos ay isang sulit na kamatayan.” Tunay bang handang mamatay ang mga tao para sa Diyos? Hindi hinihingi sa iyo ngayon na mamatay para sa Diyos; hinihingi lang sa iyo na humarap ka sa kaunting panganib para ligtas na mapangalagaan ang mga handog. Handa ka bang gawin iyon? Dapat masaya mong sabihin, “Handa ako!” Bakit? Dahil ito ang atas at hinihingi ng Diyos sa tao, ito ang iyong hindi maiiwasang responsabilidad, at hindi mo dapat subukang takasan ito. Dahil sinasabi mong handa kang mamatay para sa Diyos, bakit hindi mo kayang magbayad ng kaunting halaga at humarap sa kaunting panganib para mapangalagaan ang mga handog? Hindi ba’t ito ang dapat mong gawin? Kung wala kang ginagawang anumang tunay, pero palagi kang sumisigaw tungkol sa kahandaang mamatay para sa Diyos, hindi ba’t hungkag ang mga salitang ito? Dapat magkaroon ng dalisay na pagkaunawa ang mga lider at manggagawa tungkol sa gawain ng pangangalaga sa mga handog, at dapat nilang pasanin ang responsabilidad na ito. Hindi nila ito dapat iwasan o takasan, hindi sila dapat tumalikod mula sa responsabilidad nila. Dahil isa kang lider o manggagawa, ito ay isang tungkuling nakaatang sa iyo. Mahalagang gawain ito—handa ka bang gawin ito, kahit na may kaunting panganib kang kakaharapin, kahit na nakataya ang iyong buhay? Dapat mo bang gawin ito? (Oo.) Dapat maging handa kang gawin ito; hindi mo dapat talikuran ang responsabilidad na ito. Ito ang hinihingi ng Diyos sa tao at ang atas na ibinigay Niya sa tao. Sinabi na sa iyo ng Diyos ang Kanyang pinakamababang hinihingi at atas—kung hindi ka man lang handang isakatuparan ito, ano ang kaya mong gawin?

Dapat gawin ng mga lider at manggagawa ang gawain ng pangangalaga at paggastos sa mga handog nang masusi at kongkreto hangga’t maaari. Hindi sila dapat maging pabaya rito, at lalong hindi nila dapat ituring ito na parang usapin ng iba at talikuran ang responsabilidad. Ang mga lider at manggagawa ay dapat personal na magsagawa ng pagbeberipika, makilahok, at mag-usisa tungkol sa mga bagay na ito, at pangasiwaan pa nga nang personal ang mga ito, para maiwasang samantalahin ng masasamang tao at ng mga taong may mahinang pagkatao ang mga pagkukulang at magdulot ng pagkawasak. Habang mas masusi mong ginagawa ang gawaing ito, mas kaunti ang pagkakataon ng masasamang tao at hindi mabubuting tao na samantalahin ang mga pagkukulang; kapag mas detalyado ang iyong mga pag-uusisa at mas mahigpit ang iyong pamamahala, mababawasan ang mga pagkakataon ng hindi makatwirang paggastos, pagwawaldas, at pag-aaksaya. Sinasabi ng ilan, “Ang paggawa ba nito ay tungkol sa pagtitipid ng pera para sa sambahayan ng Diyos? Kulang ba sa pondo ang sambahayan ng Diyos? Kung kulang, maghahandog pa ako nang mas marami.” Ganoon ba ang nangyayari? (Hindi.) Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ito ang hinihingi ng Diyos sa tao, at ito ay prinsipyong dapat sundin ng mga lider at

manggagawa sa paggawa ng gawaing ito. Bilang isang mananampalataya sa Diyos, bilang isang taong tumanggap ng tungkulin bilang katiwala sa sambahayan ng Diyos, ang saloobin mo sa mga handog ay dapat na saloobin ng responsabilidad at pagsasagawa ng mahigpit na pagbeberipika; kung hindi, hindi ka kalipikado na gawin ang gawaing ito. Kung isa kang ordinaryong mananampalataya na walang pagpapahalaga sa responsabilidad at hindi naghahangad sa katotohanan, hindi hihingin sa iyo na gawin ang mga bagay na ito. Isa kang lider o manggagawa; kung wala ka ng ganitong pagpapahalaga sa responsabilidad, hindi ka angkop na maging lider o manggagawa, at kahit pa maglingkod ka bilang isang lider o manggagawa, isa kang iresponsableng huwad na lider o huwad na manggagawa, at ititiwalag ka, sa malao't madali. Ang lahat ng ganap na walang pagpapahalaga sa responsabilidad ay mga taong hindi talaga nagtatanggol sa gawain ng sambahayan ng Diyos—lahat sila ay walang kahit katiting na konsensiya at katwiran. Paanong makagaganap ng mga tungkulin ang gayong mga tao? Lahat sila ay walang-isip na basura—dapat lisanin nila kaagad ang sambahayan ng Diyos, at bumalik sa mundo kung saan sila nabibilang!

Kung hindi tayo nagbahaginan nang ganito sa karaniwang kaalaman tungkol sa mga handog, pati na rin sa mga katotohanang may kinalaman sa pangangalaga sa mga handog at sa mga prinsipyong dapat isagawa ng mga tao, hindi ba't magiging malabo sa inyo ang mga bagay na ito? (Oo.) Kapag malabo sa mga tao ang tungkol sa mga tumpak na prinsipyo, kaya ba nilang matupad ang ilan sa responsabilidad nila? Natutupad ba nila ang responsabilidad nila? Hindi ba't karamihan ng tao ay sumusunod lang sa pinakamababaw na teorya at prinsipyo ng: "Ano't anuman, hindi ko pinag-iimbutan ang mga handog sa Diyos, hindi ko nilulustay o maling ginagamit ang mga ito, at binabantayan ko nang mabuti ang mga ito at hindi hinahayaan ang mga tao na basta-bastang gastusin ang mga ito—sapat na iyon"? Ito ba ang pagsasagawa ng katotohanan? Pagtupad ba ito sa responsabilidad ng isang tao? (Hindi.) Kung ang karamihan ng kaalaman ng mga tao ay hindi lalampas sa ganitong pamantayan, ang paksang ito ay kinakailangan talagang pagbahaginan. Sa pamamagitan ng pagbabahaginang ito, mas naaarok at nauunawaan mo na ba ang tungkol sa kung paano pangangalagaan ang mga handog at ang saloobin at kaalaman na dapat mayroon ka sa pangangalaga ng mga ito? (Oo.) Tatapusin natin dito ang pagbabahaginan natin sa mga katotohanang may kaugnayan sa mga handog at sa mga prinsipyong kaugnay ng kung paano tratuhin at pamahalaan ang mga handog.

Ang mga Saloobin at Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Kaugnay sa mga Handog

I. Ang Pagtrato sa mga Handog bilang Pampublikong Ari-arian

Sunod, isasagawa natin ang isang simpleng paglalantad at paghihimay sa mga huwad na lider kaugnay sa ikalabing-isang aytem ng mga responsabilidad ng mga lider

at manggagawa. Titingnan natin kung anong mga pagpapamalas mayroon ang mga huwad na lider sa saloobin nila sa mga handog at sa pangangalaga at pamamahala nila sa mga handog. Ang unang pagpapamalas ay na walang tumpak na kaalaman ang mga huwad na lider tungkol sa mga handog. Naniniwala silang, “Sa pangalan, sa diyos ibinibigay ang mga handog, pero ang totoo, ibinibigay ang mga ito sa iglesia. Hindi natin alam kung nasaan ang diyos, at hindi rin naman niya magagamit ang napakaraming bagay. Ibinibigay ang mga handog na ito sa diyos sa pangalan lang; ang totoo, inihahandog ang mga ito sa iglesia at sa sambahayan ng diyos, at hindi tahasang inihahandog ang mga ito sa sinumang tao. Ang iglesia at sambahayan ng diyos ay mga katawagan para sa lahat ng tao nito, at ang implikasyon nito ay na ang mga handog ay pag-aari ng lahat, at ang pag-aari ng lahat ay isang pampublikong ari-arian. Kaya, ang mga handog ay pampublikong ari-arian na pag-aari ng lahat ng kapatid.” Tumpak ba ang pagkaunawang ito? Napakalinaw na hindi ito tumpak. Hindi ba’t may problema sa pagkatao ng mga taong may gayong pagkaunawa? Hindi ba’t mga tao sila na nag-iimbot sa mga handog? Ang mga taong may mapag-imbot na puso at pagnanais na kamkamin ang mga handog ay gumagamit ng pamamaraan na ito at pananaw na ito pagdating sa mga handog. Malinaw na pinag-iinteresan nila ang mga handog at gusto nilang angkinin ang mga ito para sa sarili nilang kasiyahan. Anong uri ng mga nilalang ang mga ito? Hindi ba’t kauri ang mga ito ni Hudas? Kaya, itinuturing ng ganitong uri ng lider o manggagawa ang mga handog sa Diyos bilang pampublikong ari-arian ng iglesia. Kinikimkim nila ang ganitong uri ng saloobin sa puso—hindi nila taimtim na pinangangalagaan ang mga handog, o pinamamahalaan ang mga ito nang makatwiran at responsable, sa halip, ginagamit nila ang mga handog ayon sa kagustuhan nila, nang walang pakundangan, at nang ganap na walang pagpipigil, nang walang mga prinsipyo. Pinahihintulutan nila ang sinuman na gamitin ang mga ito, at kung sino man ang may “opisyal na posisyon” na mas maringal, ang kung sino man ang may katayuan na mas mataas, sino man ang tanyag sa mga kapatid, ang nakakakuha ng priyoridad sa pag-angkin at paggamit ng mga ito. Katulad din ito sa mga kompanya at pabrika sa lipunan, kung saan ang mga sasakyan ng kompanya at ang magaganda at mga de-kalidad na kagamitan ay para sa paggamit ng mga manedyer, mga direktor ng pabrika, at mga tagapangulo. Naniniwala silang ganito rin dapat sa mga handog sa Diyos, na sinuman ang isang lider o manggagawa ay may priyoridad na magtamasa ng mga de-kalidad na bagay mula sa sambahayan ng Diyos, na magtamasa ng mga handog na ibinigay sa Diyos. Kaya, ang lahat ng gumagamit ng pagiging isang lider o manggagawa bilang dahilan para bumili ng mga de-kalidad na kompyuter at cellphone, gayundin iyong mga lider at manggagawa na kinukuha ang mga handog para sa sarili nila, ay naniniwalang pampublikong ari-arian ang mga handog, at na ang mga handog ay dapat gamitin at waldasin ayon sa kagustuhan nila. Kapag may ilang kapatid na naghahandog ng alahas na ginto at pilak, mga bag, damit, at sapatos, hindi nila tinutukoy na inihahandog nila ang mga ito sa Diyos, at kaya naniniwala ang ilang huwad na lider, “Dahil hindi nila tinukoy na ang mga bagay na ito ay inihahandog

sa diyos, dapat na para sa paggamit ng iglesia ang mga ito. Ang anumang ibinigay sa iglesia ay pampublikong ari-arian, at dapat na may priyoridad ang mga lider at manggagawa sa pagtatamasa ng mga pampublikong ari-arian." At kaya, kinukuha nila ang mga ito para sa sarili nila bilang isang bagay na nararapat lang. Ang mga bagay na natira matapos nilang pagpilian ang mga ito ay maaaring gamitin ng sinumang may gusto o kunin ng sinumang may gusto—pinaghahatian ng lahat ang mga ito. Tinatawag ito ng mga lider at manggagawa na pagbabahagi ng yaman; sa pagsunod sa kanila, makakakain at makaiinom nang mabuti ang mga tao, at tunay na masisiyahan. Masaya ang lahat, at sinasabi nilang, "Salamat sa diyos—matatamasa ba natin ang mga bagay na ito kung hindi tayo nanampalataya sa kanya? Ang mga ito ay mga handog, at hindi tayo karapat-dapat na tamasahin ang mga ito!" Sinasabi nilang hindi sila karapat-dapat, pero mahigpit nilang hinahawakan ang mga bagay na iyon at hindi nila bibitiwan. Hindi lang basta kinakamkam ng gayong mga lider at manggagawa ang mga handog at pinaghahatian ang mga ito, at personal na tinatamasa ang mga ito nang hindi kinukuha ang pagsang-ayon ninuman—habang ginagawa nila ito, pare-pareho nilang binabalewala ang pamamahala, paggastos, at paggamit ng mga handog, ni hindi sila pumipili ng mga angkop na tao para mamahala at mag-ingat ng mga tala ng mga ito, at lalong hindi nila sinusuri ang mga akawnt o masusing sinisiyasat ang kalagayan ng mga gastos. Ang pagwawalang-bahala ng mga huwad na lider sa pamamahala ng mga handog ay humahantong sa kaguluhan, at nawawala at nawawaldas ang ilang handog. Ang pinakakapansin-pansin sa gawain ng mga huwad na lider ay na ang lahat ay kumikilos nang ayon sa sarili nilang kagustuhan. Kung ano ang sinasabi ng superbisor ng anumang pangkat, iyon ang nasusunod, at kapag kailangan ng anumang pangkat na bumili ng isang bagay, maaari nilang pagpasyahan ito nang sila-sila lang, nang hindi kinakailangang magsumite ng kahilingan para sa pagsang-ayon. Hangga't kailangan ang isang bagay para sa gawain, mabibili nila ito, nang hindi inaalala kung magkano ang halaga nito, kung magagamit nila ito, o kung kinakailangan ito o hindi—ano't anuman, ginagastos nila ang mga handog, hindi ang pera ng sinuman. Hindi ito pinangangasiwaan ng mga huwad na lider o hindi sila nagsasagawa ng pagbeberipika, lalong hindi sila nagbabahaginan tungkol sa mga prinsipyo. Kapag may biniling isang bagay, pare-parehong binabalewala ng mga huwad na lider kung may sinumang mangangalaga rito, kung maaaring may maging mali rito, o kung sulit ang perang ginastos para dito. Bakit binabalewala nila ang mga bagay na ito? Dahil hindi kanila ang pera—iniisip nilang maaari itong gastusin ninuman, dahil ano't anuman, hindi naman nila pera ang ginagastos. May kaguluhan sa bawat aspekto ng pamamahala sa mga handog. Gaano ito kagulo? Katulad ito sa malalaking pabrikang pag-aari ng estado sa mga sosyalistang bansa, kung saan ang lahat ay nakakukuha ng pantay-pantay na bahagi gaano man karami ang trabahong ginagawa nila. Ang lahat ay nag-uuwi ng mga bagay-bagay, kumakain ng pagkain ng pabrika at kumikita ng pera ng pabrika, at naglulustay ng mga gamit ng pabrika. Ganap na kaguluhan ito. Hindi gumagawa ang mga huwad na

lider ng mga patakaran para sa paggastos sa pagbili ng mga aparato o kagamitan. Gumagawa ng mga patakaran ang sambahayan ng Diyos, pero hindi nila masusing sinisiyasat, tinitingnan, sinusubaybayan, o iniinspeksyon ang mga gastos. Hindi nila ginagawa ang alinman sa gawaing ito. Ang gawain ng mga huwad na lider ay lubos na magulo, walang kaayusan sa anumang bagay, at may mga kapintasan sa lahat ng lugar. Sa bawat pagkakataon, ang masasamang tao at iyong nasa maling lugar ang puso ay pinahihintulutang samantalahin ang mga pagkukulang at manlamang. Ang mga handog para sa Diyos ay walang habas na winawaldas at inaaksaya ng mga taong iyon, pero hindi sila pinarurusahan o pinapatawan ng disiplina sa anumang paraan—ni hindi sila binibigyan ng babala. Anong uri ng mga lider at manggagawa ang mga ito? Hindi ba't pinagtataksilan nila ang tumutustos sa kanila? Mga katiwala ba sila ng sambahayan ng Diyos? Sila ay mga magnanakaw na traydor sa sambahayan ng Diyos!

Paano dapat tingnan ang mga lider at manggagawang ito na hindi umaako ng responsabilidad pagdating sa pangangalaga sa mga handog? Hindi ba't mayroon silang mababang karakter at walang konsensiya at katwiran? Itinuturing ng mga huwad na lider na ito ang mga bagay na inihandog ng mga kapatid sa Diyos at sa iglesia bilang ari-arian ng sambahayan ng Diyos, at sinasabing dapat itong pamahalaan ng mga kapatid bilang isang grupo. At kaya, kapag may natuklasang mga problema, at pinananagot ng ang Itaas ang mga tao, ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para ipagtanggol ang sarili nila, at hindi nila kinikilala kung gaano kalubha sa kalikasan ang pagnanakaw at pagkamkam nila sa mga handog sa Diyos matapos nilang maging lider at magkamit ng katayuan. Hindi ba't may mababang karakter ang mga taong ito? Sadyang wala silang kahihiyan! Hindi nila alam kung bakit naghahandog ang mga kapatid ng pera at mga aytem, ni kung kanino nila inihahandog ang mga ito. Kung walang Diyos, sino ang basta-bastang maghahandog ng mga bagay na gusto nila? Napakasimple ng lohikang ito, pero hindi ito nalalaman o nauunawaan ng mga diumano'y "lider" na ito. May paboritong parirala ang mga huwad na lider na ito: "ang mga handog sa sambahayan ng Diyos." Hindi ba't kailangan ng pagtatama ng pahayag na ito? Ano dapat ang tamang pahayag? "Mga handog" o "mga handog sa Diyos." Kung magdaragdag ka ng paglalarawan, dapat mong idagdag ang "Diyos"—ang mga handog ay pag-aari lang ng Diyos. Kung hindi ka magdaragdag ng paglalarawan, simpleng "mga handog" lang ito—dapat alam pa rin ng mga tao na ang may-ari ng mga handog ay ang Lumikha, ang Diyos, at hindi tao. Hindi karapat-dapat ang tao na magmay-ari ng mga handog, at kahit ang mga pari ay hindi maaaring magsabi na sa kanila ang mga handog—maaari man nilang tamasahin ang mga handog sa pahintulot ng Diyos, pero hindi nila pag-aari ang mga iyon. Ang paglalarawan para sa "mga handog" ay hindi kailanman magiging sinumang tao—tanging ang Diyos ito, at walang iba. Napakalinaw, kung ganoon, na ang pahayag na "ang mga handog sa sambahayan ng Diyos" na madalas banggitin ng mga huwad na lider ay mali at dapat itama. Hindi dapat magkaroon ng anumang gayong kasabihan gaya ng "ang mga handog sa sambahayan ng Diyos" o "ang mga handog sa iglesia." May ilang tao pa ngang

nagsasabing, “ang mga handog sa amin” at “ang mga handog sa aming sambahayan ng Diyos.” Ang lahat ng pahayag na ito ay mali. Ang mga handog ay ibinibigay sa Diyos ng nilikhang sangkatauhan, niyong mga sumusunod sa Diyos. Ang Diyos lang ang may eksklusibong karapatan na maging may-ari, tagagamit, at tagapagtamasa ng mga ito. Hindi pampublikong ari-arian ang mga handog; hindi pagmamay-ari ng tao ang mga ito, lalong hindi pagmamay-ari ng iglesia at ng sambahayan ng Diyos ang mga ito, sa halip, pagmamay-ari ng Diyos ang mga ito. Pinahihintulutan ng Diyos ang iglesia at ang sambahayan ng Diyos na gamitin ang mga ito—atas Niya ito. Samakatwid, ang lahat ng gayong mga pahayag tulad ng “ang mga handog sa sambahayan ng Diyos,” “ang mga handog sa iglesia,” at “ang mga handog sa amin” ay hindi tumpak, at higit pa roon, pahayag ang mga ito ng mga taong may mga lihim na motibo, layon ng mga itong ilihis ang mga tao at gawin silang manhid, at higit pa rito, na iligaw ang mga tao. Ikinakategorya ng mga taong ito ang mga handog bilang pampublikong ari-ariang pagmamay-ari ng iglesia, o ng sambahayan ng Diyos, o ng lahat ng kapatid. Ang lahat ng ito ay problematiko at mali at dapat itama. Pagpapamalas ito ng isang uri ng huwad na lider. Itinuturing ng gayong mga tao na pampublikong ari-arian ang mga handog at ginagamit ang mga ito ayon sa kagustuhan nila; o, pinaniniwalaan nila na bilang mga lider, may karapatan silang ilaan ang mga bagay na ito, at kaya inilalaan nila ang mga ito sa mga taong gusto nila o nang pantay-pantay sa lahat. Anong uri ng senaryo ang sinusubukan nilang likhain? Isang senaryo kung saan pantay-pantay ang lahat, kung saan makapagtatamasa ng biyaya ng Diyos ang lahat, kung saan nagbabahaginan ang lahat. Gusto nilang bilhin ang pabor ng mga tao sa pamamagitan ng pagiging mapagbigay gamit ang mga pinagkukunan ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t kasuklam-suklam iyon? Ito ay ubod ng sama at walanghiyang pag-uugali! Paano dapat ilarawan ang gayong mga tao? Pinag-iimbutan ng gayong mga huwad na lider ang mga handog, at para pigilan ang mga tao na pangasiwaan, ilantad, at kilatisin sila, inilalaan nila sa mga kapatid ang mga tirang aytem na hindi nila ginagamit, binibili ang pabor ng mga ito at kinakamtan ang isang senaryo kung saan ang lahat ay pantay-pantay, at binibigyang-kakayahan ang lahat na makinabang mula sa pakikisalamuha sa kanila, para walang sinumang maglalantad sa kanila. Kung nakatagpo kayo ng ganitong uri ng lider, na makapagpapahintulot sa inyo na makakuha ng ilang pakinabang at na kung kanino kayo makapagtatamasa ng ilang “pampublikong ari-arian”—kung mayroon kayong ganitong karapatan at sinamantala ninyo ang ganitong kalamangan, magiging masaya ba kayo roon? Magagawa ba ninyong tanggihan ito? (Magagawa namin.) Kung mapag-imbot kayo, walang may-takot-sa-Diyos na puso, at hindi natatakot sa Diyos, hindi ninyo ito magagawa. Ang sinumang may kaunting integridad, kaunting katwiran, at kaunting may-takot-sa-Diyos na puso ay tatanggihan ito, at kikilos siya para pagsabihan ang lider na iyon, para pungusan ito, para pigilan ito, sinasabing: “Ang unang bagay na dapat mong ginagawa bilang isang lider ay ang pangangasiwa nang mabuti sa mga handog, hindi paglulustay sa mga ito, lalong hindi pagpapasya nang walang awtorisasyon na ilaan ang mga ito sa lahat ayon sa sarili mong

kagustuhan. Wala kang ganoong karapatan; hindi iyon ang atas ng Diyos sa iyo. Ang mga handog ay para sa paggamit ng Diyos, at may mga prinsipyo sa paggamit ng iglesia sa mga ito—walang sinuman ang may huling pasya sa mga ito. Maaaring isa kang lider, pero wala ka ng pribilehiyong iyon. Hindi ito ipinagkaloob sa iyo ng Diyos. Wala kang karapatang gamitin ang mga bagay ng Diyos—hindi ka inatasan ng Diyos para sa gawaing iyon. Kaya, magmadali ka at hubarin ang mga alahas na ginto at pilak na inihandog ng mga kapatid sa Diyos, at hubarin mo ang mga damit na inihandog nila sa Kanya. Magmadali ka at magbayad ng kompensasyon para sa mga bagay na kinain mo na hindi mo dapat kinain. Kung isa ka pa ring tao at may kaunting kahihiyan, gawin mo ito kaagad. Bukod pa rito, kanino mo man ipinadala ang mga handog na ito para bilhin ang pabor nila, o sinuman ang hinayaan mong kamkamin ang mga ito at tamasahin ang mga ito, bawiin mo kaagad ang mga handog na iyon. Kung hindi mo ito gagawin, ipaaalam namin ito sa lahat ng kapatid at pangangasiwaan ka namin bilang isang Hudas!" Maglalakas-loob ba kayong gawin ito? (Oo.) Ang lahat ay may ganitong responsabilidad pagdating sa mga handog, at dapat nilang iturin g ang mga ito nang may ganitong konsensiya at ganitong uri ng saloobin. Siyempre, mayroon din sila ng obligasyong ito na pangasiwaan kung paano tinatrato ng iba ang mga handog, kung pinangangalagaan ba ng mga ito ang mga handog nang maayos, at kung pinamamahalaan ba ng mga ito ang mga handog nang naaayon sa mga prinsipyo. Huwag ninyong isipin na wala itong kinalaman sa inyo, at pagkatapos ay hindi kayo magiging responsable, sinasabing, "Sa anumang kaso, hindi naman ako isang lider o isang manggagawa, hindi ko ito responsabilidad. Kahit matuklasan ko ito, hindi ko ito kailangang pakialaman o magsabi ng anuman tungkol dito—usapin iyon para sa mga lider at manggagawa. Sinumang basta-bastang gumagastos ng pera at naglulustay ng mga handog, siya ay isang Hudas, at parurusahan siya ng Diyos pagdating ng panahon. Sinumang maging sanhi ng isang kahihinatnan, mananagot siya rito. Hindi ko ito kailangang intindihin. Ano ang mabuting maidudulot ng pakikialam ko rito?" Ano ang masasabi ninyo sa ganitong uri ng tao? (Wala siyang konsensiya.) Kung matutuklasan ninyo na, sa ilang lugar na hindi sinisiyasat ng mga lider at manggagawa, may mga taong nagwawaldas at nagkakamkam ng mga handog, dapat mong personal na bigyan ng babala ang mga taong sangkot at agaran din itong iulat sa mga lider at manggagawa. Dapat mong sabihin, "Madalas kunin ng pinuno ng aming pangkat at ng aming lider ang mga handog para sa sarili nila. Basta-basta rin nilang ginagastos ang mga handog, at hindi sila nakikisali sa mga pakikipagtalakayan sa iba at nagpapasya lang sa sarili nila na bilhin ito at iyon. Karamihan sa mga gastos nila ay hindi alinsunod sa mga prinsipyo. Mapangangasiwaan ba ito ng sambahayan ng Diyos?" Responsabilidad ng hinirang na mga tao ng Diyos na iulat at ipaalam ang mga problemang natutuklasan nila. Ang ating naunang pagbabahaginan ay tungkol sa pagpapamalas ng isang uri ng huwad na lider—ang saloobin niya sa mga handog ay tratuhin ang mga ito bilang pampublikong ari-arian.

II. Hindi Pagmamalasakit o Pagtatanong Tungkol sa mga Paggastos ng mga Handog

Ang isa pang pagpapamalas ng mga huwad na lider pagdating sa pangangalaga ng mga handog ay na hindi nila alam kung paano pamahalaan ang mga handog. Alam lang nila na hindi dapat galawin ang mga handog, na hindi dapat basta-bastang magamit sa maling paraan o lustayin ang mga ito, na sagrado ang mga ito, ibinubukod bilang banal, at na hindi maaaring magkaroon ang isang tao ng mga hindi nararapat na kaisipan tungkol sa mga ito. Pero pagdating sa kung paano eksaktong pamamahalaan nang maayos ang mga handog, kung paano maging isang mabuting katiwala sa pangangalaga sa mga ito, wala silang landas, wala silang mga prinsipyo, wala silang mga tiyak na plano o hakbang para sa gawaing ito. Kaya, sa mga bagay tulad ng pagrerehistro, pagbibilang, at pangangalaga ng mga handog, pati na rin sa pagsusuri sa mga akawnt ng mga pumapasok at lumalabas na pondo at pagtingin sa mga gastos, napakapasibo ng mga huwad na lider na ito. Kapag may taong nagpapasa ng isang bagay para sa pagsang-ayon, sinasang-ayunan nila ito. Kapag may nag-aaplay para sa reimbursement, ibinibigay nila ito sa kanya. Kapag may nag-aaplay ng pera para sa ilang layon, iniaabot nila ito sa kanya. Hindi nila alam kung saan pinangangalagaan ang iba't ibang makina at kagamitan. Hindi rin nila alam kung angkop ang tagapag-ingat ng mga ito, o kung paano malalaman kung angkop ba siya; hindi nila kayang kilatisin ang puso ng mga tao, at hindi nila kayang kilatisin ang diwa ng mga tao. Kaya, bagaman may mga tala ng lahat ng lumalabas na mga handog sa ilalim ng saklaw ng pamamahala ng mga taong ito, kung titingnan ang mga detalye ng gastos sa mga akawnt na iyon, marami sa mga paggastos ang hindi makatwiran at hindi kinakailangan—marami sa mga iyon ay kalabisan at pag-aaksaya. Nawawala ang mga handog dahil sa lagda ng mga lider at manggagawang ito. Sa panlabas, tila gumagawa sila ng partikular na gawain, pero sa katunayan, wala talagang mga prinsipyo sa ginagawa nila. Hindi sila nagsasagawa ng pagbeberipika—nagpapabasta-basta sila, sumusunod sa mga patakaran at regulasyon, wala nang iba pa. Hindi talaga ito pasok sa mga pamantayan para sa pamamahala ng mga handog, lalo na sa mga prinsipyo nito. Kaya, sa panahon ng paggawa ng mga huwad na lider, napakaraming hindi makatwirang gastos. Kung may tao roon para mangasiwa at mamahala ng mga bagay-bagay, paano nagkakaroon ng ganitong mga hindi makatwirang gastos? Ito ay dahil ang mga lider at manggagawang ito ay hindi umaako ng responsabilidad sa gawain nila. Gumagawa sila ng pabasta-basta at hinaharap ang mga bagay-bagay nang pabaya, at hindi sila kumikilos nang naaayon sa mga prinsipyo. Hindi nila pinasasama ang loob ng iba, umaasta sila na parang mga mapagpalugod ng mga tao, at hindi sila nagsasagawa ng wastong pagbeberipika. Maaaring wala pa ngang isang tunay na responsableng tao sa mga namamahala sa mga handog, walang kahit isa na talagang kayang magsagawa ng pagbeberipika. Walang pakialam ang mga huwad na lider kung angkop ang mga taong nangangalaga sa mga handog, o kung may

anumang mga mapanganib na sitwasyon sa iglesia ng mga taong iyon. Para sa kanila, basta't sila mismo ay ligtas, ayos ang lahat. Kapag may dumarating na panganib, ang unang bagay na iniisip nila ay kung saan sila maaaring tumakas at kung masasamsam ba ang sariling pera nila, samantalang hindi nila inaalam o tinatanong ang tungkol sa kinaroroonan ng mga handog o kung nasa panganib ang mga ito. Ilang buwan o kahit kalahating taon matapos ang insidente, maaaring magtanong sila dahil sa pagkakonsensiya, at kapag nalaman nila na ang ilan sa mga handog ay napasakamay ng malaking pulang dragon, na ang ilan ay winaldas ng masasamang tao, at na walang nakakaalam sa kinaroroonan ng ilan, mababagabag sila sandali—mananalangin sila nang kaunti, aaminin ang pagkakamali nila, at doon na iyon magtatapos. Anong uri ng mga nilalang ang mga taong ito? Hindi ba't may problema sa ganitong paggawa? Paano tatratuhin ng Diyos ang isang taong nagkikimkim ng gayong saloobin sa mga handog? Ituturing ba Niya ito bilang isang tunay na mananampalataya? (Hindi.) Ano ang magiging turing Niya rito, kung ganoon? (Bilang isang walang pananampalataya.) Kapag itinuring ng Diyos ang isang tao bilang walang pananampalataya, nagkakaroon ba ng damdamin ang taong iyon? Nagiging manhid siya at mapurol sa kanyang espiritu, at kapag kumikilos siya, wala siyang kaliwanagan o patnubay ng Diyos, o anumang liwanag. Wala ang pagprotekta ng Diyos sa kanya kapag nangyayari sa kanya ang mga bagay-bagay, at madalas siyang negatibo at mahina, namumuhay sa kadiliman. Bagaman madalas siyang nakikinig sa mga sermon, at kayang magdusa at magbayad ng halaga sa gawain niya, sadyang hindi siya umuusad, at nagmumukha siyang kahabag-habag. Iyon ang "mga resulta" niya. Hindi ba't mas mahirap tiisin ito kaysa sa parusa? Sabihin mo sa Akin, kung ganito ang resulta ng pananampalataya ng isang tao sa Diyos, dahilan ba iyon para sa kagalakan at pagdiriwang, o para sa pagdadalamhati at paghihinagpis? Hindi ito isang magandang senyales, sa Aking opinyon.

Hindi kailanman sineseryoso ng mga huwad na lider ang gawain ng pamamahala sa mga handog. Bagaman sinasabi nilang, "Hindi dapat galawin ng mga tao ang mga handog sa Diyos; ang mga handog sa Diyos ay hindi dapat lustayin ninuman, at hindi dapat mapasakamay ang mga ito ng masasamang tao," at napakahusay nilang isinisigaw ang mga islogan na ito, at parang napakamoral at napakadisenteng pakinggan ng mga salita nila, pero hindi sila kumikilos na parang mga tao. Bagaman hindi nila nilulustay ang mga handog, at wala silang mga hindi nararapat na kaisipan sa mga ito, o anumang balak na kamkamin ang mga ito, at may ilan pa nga sa kanila na hindi kailanman ginagamit ang pera ng sambahayan ng Diyos o ginagalaw ang mga handog sa Diyos para sa anumang paggastos na maaaring mayroon sila, at sa halip ay ginagastos ang sarili nilang pera, bilang mga lider at manggagawa, hindi talaga sila gumagawa ng tunay na gawain pagdating sa pamamahala sa mga handog. Hindi man lang nila ginagawa ang mga simpleng bagay tulad ng pagtatanong tungkol sa kalagayan ng paggastos ng mga handog o pagbeberipika sa mga paggastos ng mga handog. Malinaw na mga huwad na lider ang mga ito. Ang saloobin nila sa mga handog ay ito: "Hindi ko ginagastos ang mga

ito at hindi ko nilulustay ang mga ito, at hindi ko rin inaalala kung paano ginagastos ng iba ang mga ito o kung nilulustay ng iba ang mga ito.” Sinasabi Ko sa mga huwad na lider na ito na napakaproblematiko ng maligamgam na saloobin mong ito. Ang hindi paggastos sa mga ito at hindi paglulustay sa mga ito ay ang dapat na gawin ng mga tao, pero bilang isang lider o manggagawa, ang mas dapat mo pang gawin ay ang mahusay na pamahalaan ang mga handog, pero bigo kang gawin ito. Tinatawag iyon na pagpapabaya sa responsabilidad. Pagpapamalas ito ng isang huwad na lider. Maaaring hindi ka gumastos ng kahit isang sentimo o naglustay ng kahit isang handog, pero dahil wala kang ginagawang aktuwal na gawain, at wala kang ginagawang anumang partikular na gawain ng pamamahala kaugnay sa mga handog, inilalarawan ka bilang isang huwad na lider, at ang paggawa nang gayon ay may katwiran at makatarungan. May ilang lider na kailanman ay hindi talaga kumukuha o gumagamit ng anumang handog—kahit pa ginagamit ang mga ito ng lahat ng iba pang lider at manggagawa, hindi nila ito ginagawa, at kapag isinasaayos ng sambahayan ng Diyos na bigyan sila ng isang bagay, tinatanggihan nila ito. Parang medyo malinis sila at walang pag-iimbot, pero kapag isinaayos sila para mamahala sa mga handog, wala talaga silang gagawing anumang partikular na gawain. Sinuman ang gumagastos ng mga handog, sinasang-ayunan nila ito—ni hindi man lang sila nagtatanong, at wala silang sinasabing anuman tungkol dito. Bagaman hindi nilulustay ng mga taong ito ang kahit isang sentimo ng mga handog, sa saklaw ng pamamahala nila, napapasakamay ng masasamang tao ang mga handog, at dahil sa pagiging iresponsable nila at pagpapabaya sa responsabilidad, maaaring mawaldas at maaksaya ang mga handog ng kahit sino. Hindi ba’t ang pagwawaldas at pag-aaksaya na ito ay may kaugnayan sa mali nilang pamamahala? Hindi ba’t dulot ito ng pagpapabaya nila sa responsabilidad? (Ganoon nga.) Wala ba silang bahagi sa masasamang gawa ng mga taong ito? Hindi ba’t may responsabilidad sila rito? Malaking responsabilidad ito para pasanin, at hindi nila ito maaaring iwasan! Pinaninindigan lang nila ang sinasabi nila: “Sa anumang kaso, hindi ko nilulustay ang mga handog sa Diyos, at hindi ko gusto o pinaplano na gawin ito. Sino pa man ang gumagastos sa mga handog sa Diyos, hindi ko ginagastos ang mga ito; sino pa man ang kumukuha at gumagamit ng mga handog, hindi ko ito ginagawa; sino pa man ang nagtatamasa ng mga ito, hindi ko ito tinatamasa. Ito ang saloobin ko sa mga handog—maaari mong gawin ang anumang gusto mo!” May gayon bang mga tao? (Oo.) Ginagastos ng mga anticristo ang mga handog para sa mga mamahaling damit, luho, at maging sa mga sasakyan. Sabihin mo sa Akin, makikilatis ba ng ganitong uri ng huwad na lider ang problemang ito? Hindi sila mismo ang naglulustay sa mga handog, mayroon silang ganitong saloobin, kaya’t hindi ba sila naniniwalang masama na lustayin ang mga ito? (Naniniwala sila.) Kung gayon, kapag gumagawa ng napakalaking kasamaan ang mga anticristo, bakit binabalewala nila ito at hindi ito pinipigilan? Bakit hindi nila ito sineseryoso? (Ayaw nilang magdulot ng sama ng loob.) Hindi ba’t masamang gawa iyon? (Oo.) Hindi ito pagtupad sa responsabilidad na dapat tuparin ng isang katiwala.

Kung, sa panahon ng iyong pamamahala, napasakamay ng masasamang tao ang mga handog, kung nawaldas, naaksaya, at nagastos ang mga ito sa hindi makatwirang paraan, kung nawawala ang mga ito nang ganito, pero hindi ka gumagawa ng anumang gawain o nagsasabi man lang ng kahit isang salita, hindi ba't pagpapabaya ito sa responsabilidad? Hindi ba't pagpapamalas iyon ng isang huwad na lider? Kung hindi mo sinasabi ang dapat mong sabihin, hindi ginagawa ang dapat mong gawin, hindi tinutupad ang responsabilidad na dapat mong tuparin, at bagaman nauunawaan mo ang bawat doktrina, sadyang hindi ka gumagawa ng aktuwal na gawain, tiyak na isa kang huwad na lider. Naniniwala kang, "Sa anumang kaso, hindi ko nilulustay ang mga handog; kung ginagawa ito ng iba, usapin nila iyon." Hindi ba't isa kang huwad na lider, kung ganoon? Ang hindi paglulustay ng mga handog ay personal mong usapin, pero napangalagaan mo ba nang maayos ang mga handog? Natupad mo ba ang iyong responsabilidad kaugnay sa mga handog? Kung hindi, huwad na lider ka. Huwag kang maghanap ng palusot para sa sarili mo, sinasabi: "Sa anumang kaso, hindi ko nilulustay ang mga handog, kaya hindi ako huwad na lider!" Ang hindi paglulustay ng mga handog ay hindi sapat na batayan para masukat kung ang isang lider o manggagawa ay pasok sa pamantayan; ang tunay na batayan kung pasok siya sa pamantayan ay kung tinutupad niya ang responsabilidad niya, isinasagawa ang dapat gawin ng isang tao, at tinutupad ang obligasyong dapat tuparin ng isang tao, sa mga bagay na ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos—iyon ang pinakamahalaga. Kaya, sa pamamahala ng mga handog, ano ang iyong obligasyon at responsabilidad? Naisagawa mo na ba ang lahat ng ito? Napakalinaw na hindi mo nagawa. Nagpapabasta-basta ka lang; natatakot na mapasama ang loob ng mga tao, pero hindi ka natatakot na mapasama ang loob ng Diyos. Binabalewala mo ang mga handog dahil natatakot kang mapasama ang loob ng mga tao, na masira ang magandang imahe mo sa paningin nila—kung mayroon kang ganitong pagpapamalas, tiyak na huwad na lider ka. Hindi ito pagbabansag sa iyo. Nakalatag ang mga katunayan para makita ng lahat: Hindi mo man lang matupad ang iyong obligasyon at responsabilidad—napakamakasarili mo! Pinamamahalaan mo nang labis na mabuti, masinop, at maingat ang mga sarili mong gamit, ang personal mong ari-arian. Hindi mo hinahayaang malantad ang mga gamit na iyon sa mga elemento; hindi mo hinahayaang tangayin ang mga iyon ng sinuman, at hindi mo hinahayaan ang sinuman na manamantala sa iyo. Pero pagdating sa mga handog, wala ka talagang pagpapahalaga sa responsabilidad—hindi mo man lang isinasagawa ang ikasampung bahagi ng responsabilidad na ginagawa mo pagdating sa pamamahala ng sarili mong mga gamit. Paano ka maituturing na mabuting katiwala? Paano ka maituturing na lider o manggagawa? Malinaw na isa kang huwad na lider. Ito ay pagpapamalas ng isang uri ng huwad na lider.

III. Paghihigpit sa mga Makatwirang Paggastos

May isa pang uri ng huwad na lider, at talagang kasuklam-suklam din ito. Pagkatapos maging mga lider ang ganitong mga tao, nakita nilang ang taong nangangalaga sa mga

handog ay gumagastos ng pera nang labis at napakamaaksaya, kaya't tinanggal nila ito. Pagkatapos ay inaasam nilang makahanap ng isang taong kayang magplano nang masusi at magbadyet nang maingat, na talagang mahigpit sa paggastos, at na marunong magpatakbo ng isang tahanan sa paraang matipid. Iniisip nila na iyon ang uri ng tao na magiging isang mabuting katiwala, at lumalabas na sa palagay nila ay walang sinumang angkop, at kaya sa huli ay sila na mismo ang nangangalaga sa mga handog. Kapag sinasabi ng mga kapatid na kailangang maimprenta ang ilang kopya ng mga aklat ng mga salita ng Diyos para sa pangangaral ng ebanghelyo, hindi ito pinahihintulutang magawa ng mga lider na ito, iniisip na masyadong magastos ang mag-imprenta ng mga aklat; wala silang pakialam kung agaran itong kailangan para sa gawain—para sa kanila, ayos lang basta't nakatitipid sila ng pera. Sadyang hindi nila alam kung saan gagamitin ang mga handog sa Diyos na pinakanaaayon sa Kanyang mga layunin; ang alam lang nilang gawin ay ang protektahan ang mga handog sa Diyos at huwag talagang hayaang magalaw ang mga ito. Hindi nila ginagastos ang dapat gastusin—talaga namang "mahusay" nilang isinasagawa ang pagbeberipika! Paano uusad ang gawain nang ganito? May prinsipyo ba ang mga lider na ito sa mga pagkilos nila? (Wala.) Hindi nila pinahihintulutang magawa ang gawaing dapat magawa, hindi pinahihintulutang maimprenta ang mga aklat na dapat maimprenta, o hindi pinahihintulutang magastos ang perang dapat magastos—hindi nila pinahihintulutan ang anumang makatwirang paggastos. Pamamahala ba iyon? (Hindi.) Ano ito? Ito ay kawalan ng pagkaunawa sa mga prinsipyo. Hindi alam ng mga taong walang pagkaunawa sa mga prinsipyo kung paano pamahalaan ang mga handog kapag gumagawa sila. Naniniwala silang dapat nilang bantayan ang pera at huwag itong hayaang mabawasan kahit isang sentimo, at na, anuman ang gastos, hindi dapat galawin ang pera. Naaayon ba ito sa mga layunin ng Diyos? (Hindi, hindi ito naaayon.) Ang pagkontrol sa mga bagay-bagay at pagsasagawa ng pagbeberipika nang walang mga prinsipyo ay hindi pamamahala. Ang walang habas na paggastos, pag-aaksaya, at pagwawaldas ay hindi pamamahala, pero ang hindi pagpayag na magastos ang kahit isang sentimo at ang paghihigpit sa makatwirang gastos dahil sa pagbeberipika ay hindi rin pamamahala. Hindi naaayon sa mga prinsipyo ang alinman sa mga iyon. Dahil hindi nauunawaan ng ilang tao ang mga prinsipyo para sa paggamit, paglalaan, at pamamahala sa mga handog, nangyayari ang iba't ibang uri ng kalokohan at iba't ibang uri ng kaguluhan. Mukhang medyo responsable at dedikado ang mga lider na ito sa panlabas, pero kumusta ang gawaing ginagawa nila? (Wala itong prinsipyo.) At dahil wala itong prinsipyo, nahahadlangan at nalilimitahan ang gawain ng ebanghelyo sa lugar nila, at nalilimitahan din ang ilang propesyonal na gawain dahil sa labis na mahigpit nilang pagbeberipika sa paggamit ng mga handog. Sa panlabas, tila napakaingat at napakaresponsable nila sa pangangalaga sa mga handog. Pero sa katunayan, dahil wala silang espirituwal na pang-unawa, at kumikilos lang batay sa mga kuru-kuro at imahinasyon nila, at isinasagawa pa nga nila ang pagbeberipika para sa sambahayan ng Diyos sa pagkukunwaring nagiging matipid

sila para sa kapakanan ng iglesia, malubha nilang naaapektuhan ang pag-usad ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia nang hindi man lang nila ito nalalaman. Mailalarawan ba bilang mga huwad na lider ang gayong mga tao? (Oo.) Ito ang nagkaklasipika sa kanila bilang mga huwad na lider. Sa isang partikular na antas, nakapagdulot na sila ng mga panggugulo at paggambala sa gawain ng ebanghelyo at sa gawain ng iglesia. Ang mga panggugulo at paggambalang ito ay dulot ng kawalan nila ng pagkaunawa sa mga prinsipyo, gayundin ng walang ingat nilang paggawa batay sa sarili nilang mga kagustuhan at kuru-kuro, at ng hindi nila paghahanap sa mga katotohanang prinsipyo, o ng pagtalakay sa mga bagay-bagay o pakikipagtulungan sa iba. Hindi maaaksaya o mawawaldas ang mga handog kapag nasa kanila ang mga ito, pero hindi nila makatwirang magagamit ang mga handog ayon sa mga prinsipyo, at hindi pahihintulutang magamit ang mga ito para lang sa kapakanan ng pangangalaga sa mga ito, at dahil dito, naaantala ang gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, at naaapektuhan ang normal na operasyon ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Kaya, batay sa pagpapamalas na ito, hindi talaga kalabisan na ilarawan sila bilang mga huwad na lider. Bakit inilalarawan din bilang mga huwad na lider ang gayong mga tao? Hindi nila alam kung paano gumawa ng gawain, at ang pag-arok nila sa kung paano tratuhin ang mga handog at mga paraan ng pagtrato sa mga ito ay lubhang baluktot, kaya magagawa ba nila ang iba pang gawain nang maayos? Tiyak na hindi. Hindi ba't may problema sa pag-arok ng mga taong ito? (Mayroon.) Baluktot ang pag-arok nila, sumusunod sila sa mga regulasyon, nagpapanggap sila, at mapagkunwaring espirituwal sila. Hindi nila isinasaalang-alang ang gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi sila kumikilos ayon sa mga prinsipyo—hindi nila mahanap ang mga prinsipyo para sa pagkilos, at sumusunod lang sila sa sarili nilang makitid na katusuhan at sarili nilang kalooban at sumusunod sa mga regulasyon. Iyon ang dahilan kung bakit nagreresulta ang gawain nila sa mga panggugulo at paggambala. Hangal at pabara-bara ang paraan nila ng paggawa—kasuklam-suklam ito. Ang gayong mga tao ay malinaw na mga huwad na lider. May sinuman bang nagsasabing, "Pinangangalagaan ko nang napakaayos ang mga handog, ginagawa ang gawaing ito nang napakamaingat, pero inilalarawan pa rin ako bilang isang huwad na lider. Hindi ko na pamamahalaan ang mga ito, kung ganoon! Maaari itong gastusin ng sinumang may gusto; maaari itong gamitin ng sinumang may gusto; maaari itong kuhain ng sinumang may gusto!"? May sinuman ba na may ganoong kaisipan? Ano, kung ganoon, ang layon natin sa pagsisiwalat sa iba't ibang kalagayan at pagpapamalas ng iba't ibang uri ng mga huwad na lider? (Para himukin ang mga tao na arukin ang mga prinsipyo at iwasang tahakin ang landas ng mga huwad na lider.) Tama iyan. Ito ay para himukin ang mga tao na maarok ang mga prinsipyo, para magawa nila nang maayos ang gawain nila at matupad ang responsabilidad nila nang naaayon sa mga prinsipyo, para hindi sila umasa sa mga imahinasyon at kuru-kuro, para hindi sila magkimkim ng kalooban ng tao o ng pagkamainitin ng ulo, para hindi nila hayaang palitan ng isang teoryang inisip nila ang mga katotohanang prinsipyo, para hindi sila magkunwaring espirituwal, at para

huwag nilang gamitin ang inaakala nilang espirituwalidad bilang huwad o pamalit sa mga prinsipyo. Umiiral ang gayong mga tao sa kalipunan ng mga lider at manggagawa, at sulit na isaalang-alang ang mga ito bilang babala.

IV. Pagkamkam at Pagtatamasa ng mga Handog

May isa pang uri ng huwad na lider, at mas magulo pa ang gawaing ginagawa niya pagdating sa pamamahala ng mga handog. Naniniwala siya na bilang isang lider o manggagawa, hindi niya maaaring palaging bantayan ang mga handog, o maging masyadong maingat pagdating sa mga handog. Iniisip niya na kailangan lang niyang gawin nang maayos ang mga gawaing administratibo ng iglesia, at gampanan nang maayos ang gawain ng buhay iglesia at ng buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at bukod pa roon, tiyakin na nagagawa nang maayos ang iba't ibang uri ng propesyonal na gawain. Naniniwala siya na ang mga handog ay pera at mga aytem na ipinagkakaloob ng Diyos sa iglesia, at na ang perang ito at mga aytem na ito ay naroroon para matugunan ang mga pangangailangan ng mga lider at manggagawa sa kanilang buhay at gawain. Ang implikasyon dito ay na ang mga handog ay inihahanda para sa mga lider at manggagawa, at na kapag ang isang tao ay napili bilang isang lider o manggagawa, pinahihintulutan siya ng Diyos na tamasahin ang mga handog na ito, at na ang mga lider at manggagawa ang may priyoridad sa paglalaan sa mga ito, pagtatamasa ng mga ito, at paggastos ng mga ito—at kaya, kapag ang isang tao ay naging isang lider o manggagawa, nagiging panginoon siya ng mga handog, ang manedyer at may-ari ng mga handog. Kapag ang ganitong uri ng mga tao ay nakahahawak ng mga handog sa kanilang gawain, hindi nila inirerehistro ang mga ito, binibilang ang mga ito, o pinangangalagaan ang mga ito, ni hindi rin nila sinusuri ang mga akawnt ng mga pumapasok at lumalabas na handog, lalong hindi nila iniinspeksiyon ang kalagayan ng paggastos at paglalaan ng mga ito. Sa halip, inaalam at inaarok nila kung anong mga handog ang naroroon at kung may anumang maaaring tamasahin ng mga lider at manggagawa. Ito ang uri ng saloobin na mayroon ang mga lider at manggagawa sa mga handog. Sa pananaw nila, hindi kailangang irehistro, bilangin, o pangalagaan ang mga handog, o na inspeksiyonin ang mga pumapasok at lumalabas o ang kalagayan ng paggastos ng mga ito—walang kinalaman sa kanila ang gayong mga bagay—kailangan lang nilang maglaan ng mga handog sa mga lider at manggagawa, binibigyang-priyoridad ang mga ito pagdating sa pagtamasa ng mga handog. Sa pananaw nila, ang sinasabi ng mga lider at manggagawa ay ang prinsipyo—nasa kanila ang desisyon kung paano gagastusin at ilalaan ang mga handog. Naniniwala sila na ang mapili bilang isang lider o manggagawa ay nangangahulugang naperpekto na ang isang tao, at na, tulad ng isang pari, may pribilehiyo siyang tamasahin ang mga handog, pati na rin ang huling desisyon, karapatan sa paggamit, at karapatan sa paglalaan ng mga handog. Sa ilang iglesia, bago pa man mairehistro, mabilang, at mailagay ng mga tamang tauhan ang mga bagay na inihandog ng mga kapatid sa imbakan, nasilip, nasuri, at nasala na ang

mga ito ng mga lider at manggagawa, itinatago ang alinmang maaari nilang magamit, kinakain ang alinmang maaari nilang kainin, isinusuot ang alinmang maaari nilang isuot, at inilalaan ang alinmang hindi nila kailangan direkta sa sinumang may pangangailangan para dito, sa gayon ay sila na ang nagpapasya imbes na ang Diyos. Ito ang prinsipyo nila. Ano ang nangyayari dito? Iniisip ba talaga nila na mga pari sila? Hindi ba't sobrang walang katwiran ito? (Oo.) May ibang lider at manggagawa na nakikitang kulang ng dalawang upuan ang isang pamilya, na ang isa pa ay walang kalan, at na may isang taong hindi maayos ang kalusugan at kailangang uminom ng mga suplementong pangkalusugan, at pagkatapos ay ginagamit nila ang pera ng sambahayan ng Diyos para bilhin ang lahat ng bagay na ito. Ang paglalaan, pagkonsumo, paggastos, at karapatan sa paggamit ng lahat ng handog ay nasa mga lider at manggagawang ito—may katuturan ba ito? Hindi ba't ang ganitong pamamaraan ay bunga ng maling pagkaunawa nila? Sa anong batayan sila nagpapasya? May karapatan ba ang mga lider at manggagawa na kontrolin ang mga handog? (Wala.) Ang mga handog ay para pamahalaan nila, hindi para kontrolin at gamitin nila. Wala silang pribilehiyong tamasahin ang mga ito. Ang mga lider at manggagawa ba ay katumbas ng mga pari? Ng mga taong naperpekto na? Sila ba ang mga may-ari ng mga handog? (Hindi.) Kung ganoon, bakit nagpapasya silang gamitin ang mga handog para bumili ng mga bagay para sa ganito at ganyang pamilya nang walang awtorisasyon—bakit may ganoon silang karapatan? Sino ang nagbigay ng karapatang iyon sa kanila? Itinatakda ba ng mga pagsasaayos ng gawain na: "Ang unang dapat gawin ng mga lider at manggagawa pagkatapos nilang tanggapin ang kanilang posisyon ay ang ganap na kontrolin ang pananalapi ng sambahayan ng Diyos"? (Hindi.) Bakit may mga lider at manggagawa na naniniwala rito, kung ganoon? Ano ang problema roon? Kapag naghahandog ang isang kapatid ng isang mamahaling kasuotan at may isang lider o manggagawa na nagsusuot nito kinabukasan, ano ang nangyayari? Bakit ang mga inihahandog ng mga kapatid ay napupunta sa kamay ng isang indibidwal? Ang ibig sabihin ng "indibidwal" dito ay walang iba kundi ang lider o manggagawa. Hindi lang siya bigo sa pamamahala sa mga handog nang maayos—sa halip, siya pa mismo ang nangunguna sa pagkamkam sa mga ito at personal na pagtatamasa sa mga ito. Ano ang problema rito? Kung susuriin natin ang lider o manggagawang ito batay sa hindi niya paggawa ng aktuwal na gawain pagdating sa pamamahala ng mga handog, mailalarawan siyang isang huwad na lider—pero kung titingnan natin siya sa aspekto ng pagkamkam at personal na pagtatamasa sa mga handog, isandaang porsiyento na maaaring ilarawan siya bilang isang anticristo. Kaya, ano mismo, ang tamang paraan para ilarawan ang taong iyon? (Bilang isang anticristo.) Pareho siyang isang huwad na lider at isang anticristo. Sa pamamahala sa mga handog, sinusuri ng mga huwad na lider ang lahat ng handog at inaatasan ang mga tao na pamahalaan ang mga ito. Pero bago nila gawin iyon, kinakamkam muna nila ang isang bahagi para sa sarili nila at nagdedesisyon nang walang awtorisasyon para ilaan ang isa pang bahagi. Para sa mga natirang bagay—na ayaw nila, o na hindi nila kinikilala

pero ayaw ipamigay—itinatabi muna nila ang mga ito pansamantala. Pagdating sa kinaroroonan ng mga handog na iyon, kung may angkop na tao bang nangangalaga sa mga ito, kung dapat bang regular na inspeksiyonin ang mga ito, kung may sinuman bang nagnanakaw sa mga ito, o kung may sinuman bang kumakamkam sa mga ito, pare-parehong hindi iniintindi ng mga huwad na lider ang mga bagay na ito. Ang prinsipyo nila ay ito: “Napasakamay ko na ang mga bagay na dapat kong tamasahin at ang mga bagay na kailangan ko. Ang sinumang gustong kumuha sa mga natirang bagay na hindi ko kailangan ay maaaring kunin ang mga ito; ang sinumang gustong mamahala sa mga ito ay maaaring pamahalaan ang mga ito. Ang mga ito ay pagmamay-ari ng sinumang maunang makakuha sa mga ito—makalalamang ang kanino mang mga kamay na mapupuntahan ng mga ito.” Anong uri ng prinsipyo at lohika ito? Sadyang mga diyablo at halimaw ang gayong mga tao!

Minsan, sinabi ng isang huwad na lider na napakaraming gamit sa imbakan, at tinanong Ko kung nairehistro na ba niya ang mga iyon. Sinabi niya, “Hindi ko nga alam kung ano ang ilan sa mga bagay na iyon, kaya walang paraan para mairehistro ko ang mga iyon.” Sinabi Ko, “Kalokohan iyan. Paanong wala kang paraan para mairehistro ang mga iyon? Dapat may mga tala ng mga ito simula noong unang dinala ang mga ito rito!” “Napakatagal na niyon, wala nang paraan para malaman.” Anong klaseng pananalita ito? Inaako ba niya ang responsabilidad? (Hindi.) Sinabi Ko, “May ilang damit diyan—tingnan mo kung sino sa mga kapatid ang nangangailangan ng mga ito, at ipamahagi mo ang mga damit sa kanila.” “Hindi na uso ang ilan sa mga iyon. Walang interesado.” Sinabi Ko, “Ipamahagi mo ang mga kailangan ng mga kapatid, at pangasiwaan mo nang naaangkop ang mga hindi nila kailangan.” Hindi niya ito sinunod. Nagiging maingat at masipag ba siya? Kapag inaatasan siyang gumawa ng isang gawain, palagi siyang nagrereklamo, nagsasabi ng mga negatibong bagay at tinutukoy ang mga paghihirap. Ang hindi niya sinasabi ay na pangangasiwaan niya ang mga bagay na ito nang maayos, nang ayon sa mga prinsipyo. Wala talaga siyang intensyon na magpasakop. Anuman ang hingin sa kanya ng sinuman, palagi siyang nagsasalita tungkol sa mga paghihirap, na para bang kung mapatatahimik niya ang taong iyon sa pagsasalita nang ganito, mananalo siya at magkakamit ng kalamangan, at pagkatapos ay matatapos na sa gawain niya. Anong uri ng nilalang ang taong ito? Hindi ka ginawang lider o manggagawa para magdulot ng problema, o para matukoy mo ang mga paghihirap at isyu—ito ay para malutas mo ang mga problema at mapangasiwaan ang mga paghihirap. Kung talagang may kakayahan ka sa iyong gawain, pagkatapos mong banggitin ang mga isyu at paghihirap, susundan mo ito ng pagsasalita tungkol sa kung paano mo pangangasiwaan at lulutasin ang mga iyon ayon sa mga prinsipyo. Magagawa lang ng mga huwad na lider na sumigaw ng mga islogan, mangaral ng doktrina, magyabang, at magsalita tungkol sa mga obhetibong pangangatwiran at palusot—wala talaga silang tunay na kapabilidad sa gawain, at pagdating sa pamamahala sa mga handog, hindi rin nila kayang kumilos ayon sa mga prinsipyo o tuparin ang responsabilidad nila. Ganito kahina ang kanilang pag-iisip

at kawalang kakayahan, pero pakiramdam pa rin nila na ngayong lider o manggagawa na sila, may mga pribilehiyo at katayuan sila, nagtataglay ng isang natatanging pagkakakilanlan, at ang may-ari at tagagamit ng mga handog. Ang ganitong uri ng huwad na lider ay marunong lang magtamasa ng pribilehiyo ng paggastos ng mga handog—hindi siya makakita o makadiskubre ng anumang kaso ng di-makatwiran at walang habas na paggastos ng mga handog, at maaaring makita pa nga niya ang mga ito pero wala siyang gagawin para pangasiwaan ang mga ito. Bakit ganito? Ito ay dahil ang alam lang niya ay magtamasa ng pakiramdam ng superyoridad na dala ng pagiging lider o manggagawa—wala siyang kahit kaunting pagkaunawa sa mga hinihingi ng Diyos sa mga lider at manggagawa, o sa mga prinsipyo ng paggawa ng gawain sa sambahayan ng Diyos. Mga walang silbi lang sila, mga basura lang sila, at may mahinang pag-iisip lang sila. Hindi ba't nakasusuklam na ang gayong mga taong magulo ang isip ay gusto pa ring magtamasa ng mga benepisyo ng katayuan? Ano ang naunawaan ninyo mula sa pagsisiwalat natin sa ganitong uri ng huwad na lider? Sa sandaling maging lider o manggagawa ang ganitong uri ng tao, gusto niyang bumuo ng mga pakana kaugnay sa mga handog, at nakatuon ang mga mata niya sa mga handog. Sa isang tingin, makikita ng isang tao na matagal na niyang inaasam-asam na gumastos nang pera sa magarbong paraan at na magwaldas ng mga handog. Ngayon, sa wakas, dumating na ang pagkakataon niya; magagawa na niyang basta-bastang gumastos ng pera sa paraang iyon, at gamitin ang mga handog sa Diyos ayon sa kagustuhan niya, tinatamasa ang mga bagay na hindi niya pinaghirapan. Sa gayon ay ganap na nalalantad ang tunay na kasakiman niya. Nakikita ba ninyo ang gayong mga tao sa kalipunan ng mga lider at manggagawa, noon at ngayon? Palaging mali ang pagkaunawa nila sa mga responsabilidad at depinisyon ng pagiging mga lider at manggagawa, at sa sandaling maging lider o manggagawa sila, umaasta silang panginoon ng sambahayan ng Diyos, inihahanay nila ang sarili nila sa ranggo ng mga pari, at iniisip nila na natatanging tao sila. Hindi ba't medyo kahinaan ng isip ito? Totoo ba na kapag naging lider o manggagawa ang isang tao, hindi na siya isang tiwaling tao? Totoo ba na bigla na lang siyang nagiging isang taong nagawang banal? Kapag naging lider na siya, hindi na niya kilala kung sino siya, at iniisip niya na dapat niyang tamasahin ang mga handog—hindi ba't mahina ang pag-iisip ng gayong mga tao? Tiyak na mahina ang pag-iisip ng gayong mga tao, wala silang katwiran ng normal na pagkatao. Kahit pagkatapos nating magbahaginan nang ganito, hindi pa rin nila alam kung ano ang mga tungkulin at responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Tiyak na may gayong mga lider at manggagawa, at ang mga pagpapamalas ng gayong mga tao ay labis na halata at kapansin-pansin.

Sa pangunahin, ang mga ito ang mga pagpapamalas ng iba't ibang uri ng mga huwad na lider pagdating sa pangangalaga sa mga handog. Iyong mga may mas malalalang problema ay hindi nabibilang sa kategorya ng mga huwad na lider—mga anticristo sila. Kaya, kailangan ninyong maarok nang mabuti ang saklaw na ito. Kung

huwad na lider ang isang tao, ganoon siya—hindi siya maaaring ilarawan bilang isang anticristo. Mas masahol pa ang mga anticristo kaysa sa mga huwad na lider pagdating sa pagkatao, mga pagkilos, mga pagpapamalas, at diwa. Karamihan sa mga huwad na lider ay may mahinang kakayahan, mahina ang isip nila, wala silang kapabilidad sa gawain, baluktot ang pag-arok nila at wala silang espirituwal na pang-unawa, mababa ang karakter nila, makasarili at ubod ng sama sila, at wala sa tamang lugar ang puso nila. Nagiging sanhi ito para hindi sila makagawa at hindi sila gumawa ng tunay na gawain kaugnay sa pangangalaga sa mga handog, at naaapektuhan nito ang makatwirang pamamahala at wastong pangangalaga sa mga handog. Napasasakamay pa nga ng masasamang tao ang bahagi ng mga handog dahil sa kapabayaan ng mga huwad na lider sa kanilang mga responsabilidad, hindi paggawa ng tunay na gawain, at hindi pagkilos nang naaayon sa mga prinsipyo at hinihingi ng sambahayan ng Diyos—madalas ding lumalabas ang ganitong uri ng problema. Ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider sa pangangalaga sa mga handog ay pangunahing nalalantad sa ganitong paraan: Mababa ang karakter nila, makasarili at ubod ng sama sila, baluktot ang pag-arok nila, wala silang kapabilidad sa gawain, mahina ang kakayahan nila, hindi talaga nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, at para silang mga taong mangmang at mahina ang isip. Maaaring sabihin ng ilan, "Kinikilala namin ang lahat ng iba pang pagpapamalas na inilantad Mo, pero kung mangmang at mahina ang isip nila, paano sila magiging mga lider?" Kinikilala ba ninyo na may ilang lider at manggagawa na mangmang at mahina ang isip? Umiiral ba ang gayong mga tao? Maaaring sabihin ng ilan, "Masyadong maliit ang tingin Mo sa amin. Mga modernong tao kaming lahat, mga nagtapos ng kolehiyo o hayskul—may napakahusay kaming abilidad sa pagkilatis kaugnay sa lipunang ito at sa sangkatauhan. Paanong pipiliin namin ang isang taong mahina ang pag-iisip bilang aming lider? Hindi iyon posibleng mangyari!" Anong imposible roon? Karamihan sa inyo ay mahina ang isip, at kulang din sa talino, kaya napakadali para sa inyo na pumili ng isang taong mahina ang isip bilang lider. Bakit sinasabi Kong karamihan sa inyo ay mahina ang isip? Dahil karamihan sa inyo, gaano man karami ang naranasan ninyo, ay hindi makilatis ang diwa ng mga bagay-bagay at hindi maarok ang mga prinsipyo. Maaari kayong magpatuloy sa pagsunod lang sa mga regulasyon sa loob ng maraming taon, paulit-ulit na ginagamit ang parehong paraan nang walang pagbabago, nananatiling hindi naaarok ang mga prinsipyo gaano man ibahagi ang katotohanan sa inyo. Ano ang problema rito? Napakababa ng inyong kakayahan. Hindi ninyo makilatis ang diwa o ugat ng mga problema, at hindi ninyo magawang makita ang mga takbo ng pag-unlad ng mga bagay-bagay, lalong hindi ninyo masunod ang mga prinsipyong dapat taglayin sa paggawa ng mga bagay-bagay—tinatawag ito na pagiging mahina ang isip. Gaano katagal bago ninyo lahat maunawaan ang mga prinsipyo para sa mga bagay na may kinalaman sa inyong mga tungkulin? May ilang tao na ilang taon nang gumagawa ng gawaing nakabatay sa teksto, pero hanggang ngayon, ang mga artikulo at iskrip na isinusulat nila ay pawang mga hungkag na salita

pa rin, hindi pa rin nila maarok ang mga prinsipyo, at hindi nila alam kung ano ang realidad, o kung paano magsabi ng isang bagay na totoo. Ito ay pagkakaroon ng napakahinang kakayahan at katalinuhan. Sa talinong tinataglay ninyo, hindi ba't magiging napakadali para sa inyo na pumili ng isang taong may mahinang isip bilang isang lider? At hindi lang ninyo siya pipiliin, kundi itatangi rin ninyo siya sa inyong puso. Kapag tatanggalin na siya, hindi mo iyon gugustuhing mangyari. Makalipas ang dalawang taon, kapag nakilatis mo na siya at nagkamit ka ng pang-unawa, saka mo siya magagawang makilatis bilang isang huwad na lider, pero noon, anuman ang sabihin sa iyo, hindi mo siya pinahihintulutang matanggal. Hindi ba't mas mahina pa ang pag-iisip mo kaysa sa kanya? Bakit sinasabi Kong may ilang lider at manggagawa na kulang sa talino? Ito ay dahil alam lang nila kung paano gumawa ng pinakasimpleng gawain. Pagdating sa medyo mas komplikadong gawain, hindi nila alam kung paano ito gawin, kapag may naharap silang kaunting paghihirap, hindi nila alam kung paano ito pangasiwaan, at kapag binigyan sila ng karagdagang gawain, hindi nila alam kung ano ang gagawin nila sa sarili nila. Hindi ba't problema ito sa kanilang katalinuhan? Hindi ba't pinili ninyo ang ganitong mga lider? At nagpapatirapa kayo sa paghanga sa kanila: "Nananampalataya sila sa Diyos nang hindi naghahanap ng romantikong kapareha, at gumugol sila para sa Diyos nang mahigit dalawampung taon. May kapasyahan silang magdusa, oo, at seryoso talaga sila sa gawain nila." "Pero nauunawaan ba nila ang mga prinsipyo sa kanilang gawain?" "Kung hindi, sino ang nakauunawa?" At lumalabas na lubos na magulo ang gawain nila nang ininspeksiyon ito—hindi nila naipapatupad ang alinman sa gawain. Sinabi sa kanila ang mga prinsipyo para sa gawain nila, pero hindi nila alam kung paano ito gawin. Paulit-ulit lang silang nagtatanong, at hindi nila alam ang gagawin nila maliban kung tuwiran itong sabihin sa kanila. Ang pagsasabi sa kanila ng mga prinsipyo ay katulad lang sa hindi pagsasabi sa kanila ng anuman; kahit pa isa-isang itala ang mga prinsipyo, hindi pa rin nila malalaman kung paano ipatupad ang gawain. May mga ganitong lider ba? Gaano man sabihin sa kanila ang mga prinsipyo, hindi nila nauunawaan ang mga ito, at hindi nila naipapatupad ang gawain. Makipagbahaginan ka sa kanila o turuan mo sila tungkol sa parehong mga salita o bagay nang ilang ulit, at hindi pa rin nila ito mauunawaan, at lubos na hindi malulutas ang problema pagkatapos—magtatanong pa rin sila kung ano ang gagawin, at hindi maaari na may makaligtaan na kahit isang linya. Hindi ba't mahina ang isip nila? Hindi ba't pinili ninyo ang mga lider na ito na may mahinang pag-iisip? (Ganoon nga.) Hindi ninyo maitatanggi iyon, hindi ba? Talagang may gayong mga lider.

Ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider na pinagbabahaginan natin ngayon ay pangunahing may kaugnayan sa gawain ng pamamahala sa mga handog. Sa pamamagitan ng pagsisiwalat natin sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider, dapat malaman ng mga tao na ang pamamahala ng mga handog ay isang mahalagang gawain ng mga lider at manggagawa, at na hindi nila ito dapat kaligtaan. Bagaman iba ang bahaging ito ng gawain sa pangkalahatang pangangasiwa kumpara

sa iba pang gawain, nauugnay ito sa normal na pagpapatakbo ng iba pang gawain ng sambahayan ng Diyos. Kaya, ang pamamahala ng mga handog ay isang napakahalaga at kritikal na gawain. Bakit ito mahalaga? Ang mga bagay na pinangangalagaan sa gawain ng pamamahala sa mga handog ay pag-aari ng Diyos—kung ilalarawan ito sa medyo hindi angkop na paraan, ang mga bagay na iyon ay personal na ari-arian ng Diyos, kaya dapat higit na maging buong-puso, maingat, at masigasig ang mga lider at manggagawa sa gawaing ito. Kung tinitingnan natin ang gawaing ito sa usapin ng kalikasan nito, sa palagay Ko ay hindi kalabisang itala ito sa ilalim ng gawaing administratibo. Ang dahilan kung bakit natin ito itinatala sa ilalim ng kategorya ng gawaing administratibo ay na ang paggawa ng gawaing ito ay may kaugnayan sa saloobin ng mga tao sa Diyos at sa mga ari-arian Niya. Kaya, kinakailangan ng mga tao na magkaroon ng tamang saloobin at na maarok ang mga tamang prinsipyo sa paggawa ng gawaing ito. Ang dahilan sa paglalagay natin nito sa kategorya ng gawaing administratibo ay para maipaunawa sa mga lider at manggagawa na napakahalagang gawin ang gawaing ito, at na ito ay isang napakabigat na atas at isang napakabigat na pasanin. Ito ay para maipaunawa sa kanila na hindi nila ito dapat harapin na parang isa itong regular na gawain ng pangkalahatang usapin—na dapat na mayroon silang tumpak at malalim na kaalaman tungkol sa kahalagahan ng gawaing ito, at pagkatapos ay maging buong-puso, maingat, at masigasig kaugnay rito. Maaaring maging pabaya ang mga tao sa ibang mga tao—kahit may mangyaring mga pagkakamali, hindi ito isang malaking problema. Pero hinihimok Ko ang mga tao na huwag maging magulo ang isip, huwag maging pabasta-basta, at huwag puro salita lang pagdating sa kung paano nila tinatrato ang Diyos. Ang maayos na paggawa sa gawain ng pamamahala sa mga handog ay isang mahalagang atas ng Diyos para sa mga lider at manggagawa.

Mayo 8, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (13)

Ang pinagbahaginan natin noong huling pagtitipon ay tungkol sa ikalabing-isang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Nagbahaginan tayo tungkol sa responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa at sa gawaing dapat nilang gawin sa pangangalaga sa mga handog. Anong gawain ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa sa pangangalaga sa mga handog? (Ang unang gampanin ay ang pangalagaan ang mga ito. Ang ikalawa ay ang pagsusuri ng mga akawnt. Ang ikatlo ay ang subaybayan, suriin, at inspeksiyonin kung naaayon ba sa mga prinsipyo ang iba't ibang gastusin. Dapat isagawa ang mahigpit na pagsusuri, at kailangang mahigpit na limitahan ang mga hindi makatwirang gastusin. Pinakamainam na maiwasan ang pagwawaldas at pag-aaksaya bago pa man mangyari ang mga ito. Kung sakaling nangyari na ang mga ito, kailangang panagutin ang mga may kasalanan. Hindi lamang dapat maglabas ng mga babala, kundi kailangang maningil din ng kabayaran.) Halos iyon na ang lahat. Ang pangunahing bagay ay pangalagaan ang mga ito, at pagkatapos ay suriin ang mga akawnt, at pagkatapos niyon, subaybayan at inspeksiyonin ang mga gastusin, at gamitin at gastahin ang mga ito nang tama. Matapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa ikalabing-isang responsabilidad, mayroon na ngayong tumpak na pagkaunawa at kaalaman ang mga tao tungkol sa mga handog, at alam na rin nila ngayon ang gawaing kailangang gawin ng mga lider at manggagawa sa pangangalaga sa mga handog, pati na kung paano ginagawa ng mga huwad na lider ang gawaing ito, at ang kanilang mga partikular na pag-uugali sa paggawa nito. Kung ang pagbabahaginan natin ay tungkol man sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa o sa iba't ibang pag-uugali ng mga huwad na lider, at kung ito man ay pagbabahaginan tungkol sa mga positibo o sa paglalantad ng mga negatibo, ang pangunahing layunin nito ay ang maipaunawa sa mga tao kung paano wastong gawin ang pangangalaga sa mga handog, at kung paano alisin ang mga hindi makatwirang kaugalian sa pangangalaga, paggasta, at pamamahagi ng mga handog. Ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos—mga lider o manggagawa man sila o hindi—ay dapat tumupad sa kanilang responsabilidad sa pangangalaga sa mga handog. Anong responsabilidad ito, kung gayon? Ito ay ang pangasiwaan at agarang iulat ang anumang problemang natuklasan—ibig sabihin, gampanan ang mga tungkulin ng pangangasiwa at pag-uulat. Huwag isipin na "ang pangangalaga sa mga handog ay ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa at wala itong kinalaman sa amin na mga ordinaryong mananampalataya." Mali ang pananaw na ito. Dahil nauunawaan na ng mga tao ang mga katotohanang ito, dapat nilang tuparin ang kanilang responsabilidad. Sa mga isyung hindi matukoy ng mga lider at manggagawa, o sa mga aspektong mahirap makita, mga lugar na hindi madaling matukoy, kung may sinumang nakakatuklas ng anumang problema ng kawalan ng katwiran o paglabag sa mga prinsipyo sa pangangalaga, pamamahagi, at paggamit ng

mga handog, dapat agaran nilang iulat ang mga ito sa mga lider at manggagawa, upang matiyak ang makatwirang pangangalaga, paggamit, at pamamahagi ng mga handog. Ito ang responsabilidad ng bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos.

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Unang Bahagi)

Ngayong natapos na ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabing-isang responsabilidad, magpatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon." Ano ang pangunahing nilalaman ng responsabilidad na ito? Ito ay pangunahing tungkol sa kinakailangang gawin ng mga lider at manggagawa upang tugunan ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay sa iglesia—pati na rin ang iba't ibang problema—na gumagambala, gumugulo, at sumisira sa normal na kaayusan ng iglesia. Ano ang unang kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa para epektibong matugunan at malutas ang mga problemang ito, matupad ang kanilang mga responsabilidad, at magampanan nang maayos ang gawaing ito? Ang responsabilidad na ito ay ang "agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia"; ito ang saklaw ng gawaing ito. Kapag may layon at saklaw, nagiging malinaw kung aling mga isyu ang kailangang malutas, at kung anong gawain at mga responsabilidad ang inaasahang isagawa ng mga lider at manggagawa. Sa loob ng ikalabindalawang responsabilidad, ano ang pangunahing hinihingi sa mga lider at manggagawa? Ito ay ang pigilan at limitahan ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, at ituwid ang mga bagay-bagay, habang ibinabahagi rin ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon. Ano ang mga paunang kondisyon na kailangang matugunan upang magawa ito? Kung makakakita ka ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na gumagambala, gumugulo, at sumisira sa normal na kaayusan ng iglesia pero iniisip mo na hindi problema ang mga ito, kung gayon, mayroong suliranin. Ipinahihiwatig nito na hindi mo makilatis ang diwa ng problema, na nangangahulugang hindi mo nauunawaan ang pinsalang naidudulot sa gawain ng iglesia ng paggambala at

panggugulo sa buhay iglesia, pati na ang mga kahihinatnan at epekto nito sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Magagawa pa rin ba nang maayos ng mga gayong lider at manggagawa ang gawain ng iglesia? Malulutas ba nila ang mga problema at matutuwid ang mga bagay-bagay? (Hindi.) Kung gayon, ano ang mahalagang puntong dapat pagbahaginan dito? Ito ay na sa pamamagitan lang ng pag-unawa muna sa mga katotohanang prinsipyo makikilatis ng mga lider at manggagawa ang diwa ng iba't ibang isyu at epektibong masosolusyunan ang iba't ibang aktuwal na problema. Upang maayos na magawa ang gawain ng iglesia, kailangan munang malaman ng mga lider at manggagawa kung anong mga problema ang karaniwang lumilitaw sa gawain ng iglesia. Pagkatapos, kailangang tumpak nilang unawain, kilatisin, at husgahan ang kalikasan ng mga problemang lumilitaw, kung nakakaapekto ba ang mga ito sa gawain ng iglesia at sa normal na kaayusan ng buhay iglesia, at kung likas bang nakagagambala at nakagugulo ang mga ito sa gawain ng iglesia. Ito ay isang napakahalagang isyu na dapat munang maunawaan ng mga lider at manggagawa. Pagkatapos itong maunawaan, saka lang magiging posible na epektibong malutas ang mga problemang ito, at magawang "pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay" gaya ng binanggit sa ikalabindalawang responsabilidad. Sa pagbubuod, bago lutasin ang isang problema, kailangan mo munang maunawaan kung nasaan ang problema, kung ano ang mga sangkot na kalagayan at sitwasyon, ang kalikasan ng problema, kung gaano ito kalubha, kung paano ito hihimayin at kikilatisin, at kung paano magsasagawa nang tumpak. Ito ang unang kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa. Dahil kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa ang mga bagay na ito, magbahaginan tayo tungkol sa mga ito mula sa iba't ibang aspekto sa partikular, upang maunawaan ng kapwa mga lider at manggagawa at ng hinirang na mga tao ng Diyos kung paano haharapin ang mga problemang ito kapag lumitaw ang mga ito, kung paano iuugnay ang mga ito sa mga salita ng Diyos, at kung paano gagamitin ang mga katotohanang prinsipyo para malutas ang mga ito. Sa ganitong paraan, kapag nahaharap ang mga lider at manggagawa sa mga suliraning hindi nila kayang lutasin, maaaring harapin ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga ito nang sama-sama at hanapin ang katotohanan para sa mga solusyon, at kapag nahaharap sa mga isyu ng paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia, maaaring manindigan ang lahat para pigilan at limitahan ang mga ito. Kasabay nito, tungkol sa mga negatibong tao at usapin, maaari silang magsagawa ng hayagang paghihimay, pagkilatis, at paglalarawan, nang sa gayon ay mapigilan, malimitahan, at mapawi ang mga isyung ito sa pinakaugat. Kung gayon, magbahaginan tayo simula sa mga pinakapartikular na isyu.

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

Para matukoy ang mga isyung nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia, saang mga aspekto dapat magsimula ang mga lider at manggagawa? Dapat nilang simulan sa pagsusuri sa buhay iglesia para

matuklasan ang mga isyung ito. Lahat ba kayo ay may kaunting kaalaman tungkol sa kung aling mga problema ang karaniwang lumilitaw sa buhay iglesia na likas na nagsasanhi ng pagkagambala at kaguluhan? Gaano man karami ang mga tao sa isang iglesia, tiyak na marami-rami ang manggagambala at manggugulo sa gawain ng iglesia. Ano-ano ang mga akto ng paggambala at panggugulong natutuhan ninyo? (Ang palagiang paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan sa mga pagtitipon, nang hindi nakatuon sa mga pangunahing isyu.) (Isa pa, ang nakagawiang pagsasabi ng mga salita at doktrina.) Ang paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan. Halimbawa, kapag nagbabahaginan ang iba tungkol sa kung paano maging tapat sa paggawa ng tungkulin, pag-uusapan naman nila kung paano nila maaalagaan nang maayos ang kanilang asawa at mga anak. Kapag nagbabahaginan ang iba tungkol sa kung paanong ang pagiging tapat sa tungkulin ay nilalayong palugurin ang Diyos at magpasakop sa Kanya, pag-uusapan naman nila ang tungkol sa kung paanong ang pagiging tapat sa tungkulin ng isang tao ay naglalayong magkamit ng mga pagpapala para sa pamilya at mga mahal sa buhay ng isang tao. Hindi ba't ito ay paglihis sa paksa? (Oo.) Kung hindi ka sasabat sa kanila, magpapatuloy sila nang walang katapusan. Kung lilimitahan mo sila, magagalit sila at magwawala dahil sa kahihiyan, na lalo pang nagpapalala sa kanilang masamang pag-uugali. Ang isyung ito, kung gayon, ay likas na nasa antas ng paggambala at panggugulo, na napakalubha. Bagama't karaniwang isyu ang paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan, kung obhetibong titingnan, maaari itong makagambala at makagulo sa buhay iglesia. Ito ang unang isyu. Tungkol naman sa ikalawa, ang "pagsasabi ng mga salita at doktrina," kung ito ba ay maituturing na paggambala at panggugulo ay nakadepende sa bigat ng kaso. Ang ilang tao ay nagsasabi ng mga salita at doktrina dahil wala silang katotohanang realidad; sa sandaling ibuka nila ang kanilang mga bibig, puro salita at doktrina lang ito, mga hungkag na teorya lamang. Gayumpaman, ang layunin nila ay hindi para ilihis ang iba at makuha ang pagpapahalaga ng mga ito. Sa pamamagitan ng mga limitasyon at panghihimok na huwag na itong gawin, magkakamit sila ng kamalayan sa sarili, at pagkatapos nito, mababawasan ang kanilang pagsasabi ng mga salita at doktrina, at hindi na nila hahadlangan ang buhay pagpasok ng mga kapatid. Hindi ito maituturing na paggambala at panggugulo. Gayumpaman, may mga taong sadyang nagsasabi ng mga salita at doktrina nang may intensyon na ilihis ang iba kahit na alam na alam nila na ang sinasabi nila ay mga salita at doktrina. Ang pakay nila sa paggawa nito ay para makuha ang pagpapahalaga ng iba; gusto nilang hikayatin ang mga tao na pumanig sa kanila, at iligaw ang mga ito at makakuha ng katayuan. Napakalubha ng kalikasan nito. Iba ang kalikasan nito kaysa sa simpleng pagsasabi lang ng mga salita at doktrina dahil sa hindi pagkaunawa sa katotohanan. Ang gayong pag-uugali ay bumubuo sa isang paggambala at panggugulo. Ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia ay laganap. Ang mga ito ay hindi lang mga isyu gaya ng pagsasabi ng mga salita at doktrina o paglihis sa paksa. Ano pa ang iba?

(Pagpapangkat-pangkat, paghahasik ng alitan, at pagpapahina ng pagiging positibo ng iba.) (Mayroon ding pagbubulalas ng pagkanegatibo, paggawa ng gulo at patuloy na pang-aabala sa mga tao.) (Kapag mayroong mga kuru-kuro ang ilang tao tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, ipinapakalat nila ang mga kuru-kurong ito at nagbubulalas ng kanilang pagkanegatibo, na nagsasanhing lumitaw rin sa iba ang mga kuru-kuro tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain.) Ang mga bagay na iyon ay maituturing nga na mga paggambala at panggugulo. Ang pagpapangkat-pangkat ay isang bagay, ang paghahasik ng alitan ay isa pang bagay, kasama ang pagpapahirap at pag-atake sa mga tao, pagpapakalat ng mga kuru-kuro, pagbubulalas ng pagkanegatibo, pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis, at pakikipag-agawan para sa katayuan—ang lahat ng ito ay mga paggambala at panggugulo. Mas higit na malubha ang kalikasan ng mga problemang ito kaysa sa paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan. Mayroon ding isyu na may kaugnayan sa mga halalan. Anong klase ng mga problemang lumilitaw sa panahon ng halalan ang nauukol sa pagsasanhi ng pagkagambala at kaguluhan? Halimbawa, mayroong pagmamanipula sa mga boto—pangangako ng mga benepisyo para makakuha ng mga boto para sa sarili. Isa itong paraan para masira ang isang halalan. At mga palihim na pagkilos—pasikretong iniimpluwensiyahan ang isipan ng mga tao para hikayatin silang pumanig sa isang tao, ilihis sila, at himukin silang iboto ang isang tao. Ang mga ito ay pawang mga isyu na lumilitaw sa mga halalan. Bumubuo ba ang mga ito sa mga paggambala at panggugulo? (Oo.) Ang mga problemang ito ay kolektibong tinutukoy bilang paglabag sa mga prinsipyo ng halalan. Ang isa pang isyu ay ang pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin. Ang isang tao ay maaaring dumalo sa mga pagtitipon para sa ganitong mga bagay—hindi para unawain ang katotohanan o makipagbahaginan sa mga salita ng Diyos, kundi para asikasuhin ang mga personal na usapin. Malubha ba ang gayong uri ng problema? (Oo.) Katumbas din ito ng pagsasanhi ng pagkagambala at kaguluhan.

Ngayon, ibuod natin ang iba't ibang isyu ng paggambala at panggugulo na lumilitaw sa buhay iglesia: Una, madalas na paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan; pangalawa, pagsasabi ng mga salita at doktrina para ilihis ang mga tao at makuha ang kanilang pagpapahalaga; pangatlo, pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin; pang-apat, pagpapangkat-pangkat; panglima, pakikipag-agawan para sa katayuan; pang-anim, paghahasik ng alitan; pampito, pag-atake at pagpapahirap sa mga tao; pangwalo, pagpapakalat ng mga kuru-kuro; pansiyam, pagbubulalas ng pagkanegatibo; pansampu, pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis; at panlabing-isa, paglabag sa mga prinsipyo ng halalan. Labing-isa lahat. Ang labing-isang pagpapamalas na ito ang mga isyu ng paggambala at panggugulo na madalas lumilitaw sa buhay iglesia. Kapag namumuhay ng buhay iglesia, kung lumilitaw ang mga isyung ito,

kinakailangan na ang mga lider at manggagawa ay tumindig at pigilan ang mga ito, limitahan ang mga ito, at huwag hayaang lumaki ang mga ito nang walang kontrol. Kung hindi kayang limitahan ng mga lider at manggagawa ang mga ito, dapat magsama-sama ang lahat ng kapatid para limitahan ang mga ito. Kung ang taong sangkot ay hindi masama ang pagkatao, at hindi niya sinasadyang magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, kundi sadyang wala lang siyang pagkaunawa sa katotohanan, maaari siyang tulungan at suportahan sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa katotohanan. Kung ang taong nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan ay masama, at maliit lang ang kaso, kung gayon, dapat pigilan at limitahan ang kanyang mga paggambala at panggugulo sa pamamagitan ng pagbabahaginan at paglalantad. Kung handa siyang magsisi, at hindi na magsalita o kumilos sa mga paraang nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, handang maging pinakahamak na miyembro sa iglesia, kayang makinig at sumunod nang tapat, at gawin ang anumang isinasaayos ng iglesia, tinatanggap ang mga limitasyong itinakda ng mga kapatid, kung gayon, maaari siyang pansamantalang manatili sa iglesia. Pero kung hindi siya tumatanggap, at sa halip ay kumokontra at nagiging mapanlaban sa nakararami, kung gayon, dapat isagawa ang ikalawang hakbang—ang pagpapaalis sa kanya. Angkop ba ang pamamaraang ito? (Oo.)

I. Madalas na Paglihis sa Paksa Kapag Nagbabahaginan sa Katotohanan

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na lumilitaw sa buhay iglesia na likas na bumubuo sa mga paggambala at panggugulo. Ang una sa mga ito ay ang madalas na paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan. Paano ba natutukoy ang paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan? Paano natin malinaw na mahihiwatigan ang mga salita ng pagbabahaginan na lumilihis sa paksa? Madalas ba kayong lumilihis sa paksa sa pagbabahaginan ninyo tungkol sa katotohanan? (Oo.) Hanggang saan dapat umabot ang problemang ito para maituring na isang paggambala at panggugulo? Kung ang bawat pagkakataon ng paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan ay inilalarawan bilang paggambala at panggugulo, hindi ba't matatakot na ang mga tao na magsalita o makipagbahaginan sa buhay iglesia sa hinaharap? At kung natatakot ang mga tao na makipagbahaginan, hindi ba't nangangahulugan ito na hindi nila malinaw na naiintindihan ang isyu? (Oo.) Kaya naman, kapag tumpak na natukoy kung anong uri ng paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan ang bumubuo sa paggambala at panggugulo, karamihan sa mga tao ay mapapalaya sa kanilang mga pagpipigil. Dahil nakikitang lumilihis kayo sa paksa kahit sa normal na usapan, lalo pang karaniwan ito kapag nagbabahaginan sa katotohanan. Kaya, kinakailangang makipagbahaginan tungkol dito nang napakalinaw, upang hindi kayo mapigilan. Huwag hayaan ang takot sa paglihis sa paksa at pagiging sanhi ng paggambala at panggugulo na pumigil sa inyo na magsalita at pumigil sa inyong maglakas-loob na makipagbahaginan kahit pa mayroon kayong kaalaman, o—kapag gusto ninyong makipagbahaginan—mapilitan kayong isaalang-alang muna: "Nauugnay

ba sa tema ang gusto kong sabihin? Lumilihis ba ito sa paksa? Dapat ko munang ihanda at ibalangkas ang mga iniisip ko bago magsalita, at pagkatapos ay sumunod sa balangkas para hindi ako lumihis sa paksa, anuman ang mangyari. Kung malilihis ako sa paksa, hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa sinuman at masasayang lang ang mahalagang oras ng pagtitipon, maaapektuhan nito ang pag-unawa ng mga kapatid sa katotohanan. At kung malubha ito, maaari pa nga itong makagambala at makagulo sa buhay iglesia." Paano natin dapat tingnan ang isyu ng paglihis sa paksa kung gayon? Una, kailangan nating isaalang-alang kung ang paglihis sa paksa ay nakakabuti sa mga kapatid, at pagkatapos, kailangang malinaw nating makita kung ano ang mga kahihinatnan ng paglihis sa paksa sa buhay iglesia. Sa ganitong paraan, makikita natin nang malinaw na ang paglihis sa paksa ay hindi isang maliit na isyu; sa malulubhang kaso, maaari pa nga itong maging paggambala at panggugulo sa buhay iglesia at sa gawain ng iglesia. Halimbawa, sa isang paksa, naghahanap kayo ng isang sipi ng mga salita ng Diyos para makipagbahaginan sa inyong kaalaman at pagkaarok; o ipagpalagay na, sa isang paksa, nakikipagbahaginan kayo tungkol sa kaalamang nakamit ninyo, sa mga katotohanang naunawaan ninyo, at sa mga layunin ng Diyos na naunawaan ninyo mula sa isang bagay na inyong naranasan; o sabihin nating ang pakikipagbahaginan ninyo tungkol sa isang paksa ay medyo mahaba at hindi ninyo ito malinaw na naipapahayag, ilang beses kayong paulit-ulit na nagsasalita—sa ganitong mga sitwasyon, lumilihis ba kayo sa paksa? Wala sa mga ito ang maituturing na paglihis sa paksa. Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng paglihis sa paksa? Ang paglihis sa paksa ay kapag ang sinasabi ninyo ay may kakaunti lamang o walang kaugnayan sa paksa ng pagbabahaginan, kapag ito ay puro satsat lang tungkol sa mga panlabas na usapin, at hindi nakapagpapatibay sa mga tao kahit kaunti. Iyon ay ganap na paglihis sa paksa. Ngayon, talakayin natin kung ano ang ibig sabihin ng magdulot ng pagkagambala at kaguluhan. Sa kaso ng paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan, anong mga uri ng mga salita at pag-uugali ang bumubuo sa mga paggambala at panggugulo? Ano ang diwa ng problema rito? Paanong nagiging likas na paggambala at panggugulo ang paglihis sa paksa? Hindi ba't nararapat itong pagbahaginan? Sa sandaling mapagbahaginan ito, mauunawaan ba ninyo kung ano ang ibig sabihin ng paglihis sa paksa? (Oo.) Kung gayon, ibigay ninyo ang inyong mga sagot sa katanungang ito. (Kapag ang pakikipagbahaginan ng isang tao ay tungkol sa mga paksang walang kinalaman sa katotohanan—halimbawa, walang saysay na daldalan at pakikipag-usap tungkol sa mga usapin sa tahanan, at pagtalakay sa mga bagay na may kinalaman sa mga kalakarang panlipunan na gumugulo sa puso ng mga tao, na pumipigil sa kanila na maging tahimik sa harap ng Diyos at magnilay sa Kanyang mga salita—ang pakikipagbahaginang iyon ay lumihis na sa paksa.) Ilang pangunahing punto ang tinutukoy niyon? (Ang isa ay na ang mga paksa ay walang kaugnayan sa katotohanan.) Isa itong napakahalagang punto: ang pagiging walang kaugnayan sa katotohanan. Ang isang punto ay ang walang saysay na kuwentuhan at daldalan tungkol sa mga usapin

sa tahanan. Ang isa pa ay ang pagsasalita tungkol sa tradisyonal na kultura, sa moral na pag-iisip ng tao, at sa mga bagay na itinuturing ng mga tao na marangal na para bang ang katotohanan ang mga ito. Ito ay isang problema ng baluktot na pagkaarok; ang lahat ng bagay na ito ay walang kaugnayan sa katotohanan. Halimbawa, sinasabi ng mga salita ng Diyos, “Ang mga kabataan ay hindi dapat walang mga adhikain.” May isang taong nakikipagbahaginan, “Mula pa sa sinaunang panahon, lumitaw na ang mga bayani sa kanilang kabataan,” o “Ang ambisyon ay hindi limitado sa edad.” O, kapag tinatalakay mo kung paano magkaroon ng takot sa Diyos, nakikipagbahaginan sila: “May diyos sa tatlong talampakan sa itaas mo”; “Kapag kumikilos ang tao, nagmamasid ang Langit”; “Kung malinis ang iyong konsensiya, hindi ka matatakot na usigin nito”; o “Ang puso ng isang tao ay dapat nakatuon sa kabutihan.” Hindi ba’t ito ay paglihis sa paksa? Hindi ba’t ang mga salitang ito ay walang kaugnayan sa katotohanan? Ano ang mga salitang ito? (Mga satanikong pilosopiya.) Ang mga ito ay mga satanikong pilosopiya, at ang mga ito rin ang tradisyonal na kultura ng isang partikular na etnisidad. Ang unang pagpapamalas ng paglihis sa paksa ay kapag ang sinasalitang paksa ay walang kaugnayan sa katotohanan; ito ay kapag nagsasalita ang isang tao ng mga pilosopiya at teorya na itinuturing ng mga walang pananampalataya na tama at matayog, at pilit na iniuugnay ang mga ito sa katotohanan. Iyon ay paglihis sa paksa. Ang paksa ay walang kaugnayan sa katotohanan—ang pagpapamalas na ito ay dapat madaling maunawaan. Ang ikalawang pagpapamalas ay kapag ang mga tinalakay na paksa ay gumugulo sa isipan ng mga tao. Kapag ang katotohanan ay hindi napagbahaginan sa pagtitipon, at ang pinagbahaginan ay tungkol sa kaalaman, iskolarsyip, pilosopiya, at batas, o mga panlipunang penomenon at iba’t ibang komplikadong ugnayan ng mga tao, kung gayon, ito ay gumugulo sa isipan ng mga tao. Ito ay kapag nakikipagbahaginan ang isang tao tungkol sa mga isyung likas na walang kaugnayan at kinalaman sa katotohanan kahit kaunti na para bang ang mga bagay na iyon ay ang katotohanan. Nagsasanhi ito ng kalituhan sa isipan ng iba, at habang nakikinig sila, ang kanilang pag-iisip ay napupunta mula sa pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan tungo sa mga panlabas na usapin. Paano umaasal ang mga taong ito kung gayon? Nagsisimula silang tumuon sa kaalaman at iskolarsyip. Ang panggugulo sa isipan ng mga tao ay likas na isang seryosong bagay. Ang ikatlong pagpapamalas ay kapag ang mga paksang tinatalakay ay nagiging sanhi ng maling pag-unawa ng mga tao sa Diyos, na nagreresulta sa kawalan ng kalinawan tungkol sa mga pangitain. Hindi malinaw sa ilang tao ang katotohanan, pero gusto nilang magpanggap na mayroon silang kalinawan at pagkaunawa. Kaya, kapag nakikipagbahaginan sila sa katotohanan, isinasama nila ang ilang malalim na doktrina sa kanilang sinasabi, pinaghahalo-halo ang mga doktrinang panrelihiyon na kanilang narinig at naunawaan, nagsasalita nang walang basehan at labis-labis. Pagkatapos makinig sa kanila, nawawalan ng kalinawan tungkol sa mga pangitain ang mga tao; hindi nila alam kung anong katotohanan ba talaga ang nilalayong talakayin ng taong iyon. Habang mas nakikinig sila, mas lalo

silang naguguluhan at mas lalong nababawasan ang pananalig nila sa Diyos, at maaari pa ngang magkaroon sila ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Hindi lamang basta-bastang umaalis mula sa usapang ito ang mga tao nang walang pagkaunawa sa katotohanan—naguguluhan ang isipan nila. Mayroon itong negatibong epekto. Ito ang bunga ng paglihis sa paksa.

Ang paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan ay naipapamalas sa iba't ibang paraan, at bawat isa sa mga ito ay likas na nagiging kaguluhan sa buhay pagpasok ng mga tao. Kapag nakinig sa gayong pakikipagbahaginan ang mga tao, hindi lang sila walang malinaw na pagkaunawa sa katotohanan at isang landas ng pagsasagawa. Sa halip, naguguluhan ang isipan nila, lalong nagiging malabo sa kanila ang tungkol sa katotohanan, at nagkakaroon din sila ng ilang maling pakahulugan at nakalilinlang na pagkaunawa. Ito ang epekto at masamang kahihinatnan sa mga tao ng paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan. Ang bawat isa sa tatlong pagpapamalas na ito ay talagang likas na malubha. Halimbawa, ang una ay "ang sinasalitang paksa ay walang kaugnayan sa katotohanan." Ang pagsasabi ng mga bagay na tila tama ngunit hindi, at ang pagdadala ng mga satanikong bagay, gaya ng kaalaman ng tao, pilosopiya, mga teorya, tradisyonal na kultura, at mga sikat na kasabihan ng mga kilalang tao, sa loob ng iglesia para ipangaral at suriin, ginagamit ang pagkakataon na makipagbahaginan sa katotohanan upang ilihis ang mga tao, ay nagiging kaguluhan sa kanila. Likas itong napakalubha. Kung ang isang taong may pagkilatis ay makikinig sa gayong pakikipagbahaginan, sasabihin niya, "Hindi tama ang sinasabi mo; hindi ito ang katotohanan. Ang sinasabi mo ay tungkol sa moral na pag-uugali at mga kasabihang iniisip ng mga walang pananampalataya na mabuti. Ang mga iyon ay mga pananaw ng mga walang pananampalataya tungkol sa kung paano umasal at makitungo sa mundo, na likas na walang kaugnayan sa katotohanan." Gayumpaman, walang pagkilatis ang ilang tao, at kapag naririnig nila ang mga maling paniniwala na ito, nakikisabay pa nga sila sa mga ito, at sinusunod nila ang mga ito bilang ang katotohanan. Kung hindi ito pipigilan at lilimitahan ng mga lider at manggagawa sa gayong mga pagkakataon, kung hindi nila ito pagbabahaginan at hihimayin para magkaroon ng pagkilatis ang mga tao, kung gayon, maaaring malihis ang ilan sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ano ang mga kahihinatnan ng pagkalihis? Maniniwala sila na ang mga bagay na ipinangangaral ng mga sikat na tao ng mundong walang pananampalataya, na inaakala ng mga tao na tama, mabuti, at malalim, tulad ng mga katutubong salawikain at mga kasabihan at teorya ng mga sikat na tao tungkol sa pag-asal, ay pawang tama at na ang mga ito ang katotohanan, gaya ng mga salita ng Diyos. Hindi ba't nalihis sila? Sa panlabas, tila nakikipagbahaginan sila sa katotohanan, pero sa katunayan, may halo itong ilang ideya ng tao at ilan sa mga mapanlihis na pilosopiya ni Satanas, at malinaw na nagiging kaguluhan ito sa mga tao. Kung may isang taong nanlilihis sa mga tao sa pamamagitan ng pagpapalabas na ang pilosopiya ni Satanas at kaalaman ng tao ay ang katotohanan, kung gayon, dapat ilantad at himayin ng mga lider at manggagawa ang

usapin, upang lumago ang mga kapatid sa pagkilatis at maunawaan nila kung ano talaga ang katotohanan. Ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Ang ikalawang pagpapamalas ay “panggugulo sa isipan ng mga tao.” Palaging sinusunggaban ng ilang tao ang pagkakataon na pagbahaginan ang katotohanan upang magsalita tungkol sa mga bagay na tila tama ngunit hindi pala, inaangat ang kaalaman, iskolarsyip, mga kaloob, at talento ng tao. Nagsasalita rin sila tungkol sa mga moral na pamantayan, tradisyonal na kultura, at iba pa. Ipinapalabas nila na ang mga bagay na nagmumula kay Satanas ay mga positibong bagay, ang katotohanan, na nagtutulak sa mga tao na maling paniwalaan na ang mga ito ay dapat isulong, ipalaganap at purihin sa iglesia, at sundin ng lahat; nagiging sanhi ng pagdami ng mga maling paniniwala at maling pananampalataya, na tila tama pero hindi, sa isipan ng mga tao; at nanlilito sa isipan ng mga tao at ipinaparamdam sa kanila na parang wala silang direksiyon, hindi alam kung ano talaga ang katotohanan, o kung paano magsagawa nang tama kapag nahaharap sa mga isyu, o kung aling landas ang tama. Isinasadlak nito sa kadiliman ang kanilang puso. Ito ang kahihinatnan ng pagpapakalat ng mga maling pananampalataya at maling paniniwala para ilihis ang mga tao. Tungkol naman sa ikatlong pagpapamalas, hindi na natin ito pagbabahaginan nang detalyado. Sa pagbubuod, ang ilan sa mga talakayan na lihis sa paksa ay may kinalaman sa kaalaman, ang ilan ay may kinalaman sa mga kuru-kurong pantao, at ang iba ay may kinalaman sa mga moral na mabuting pag-uugali, at iba pa. Pero wala sa mga ito ang may kinalaman sa katotohanan—lahat ay salungat dito. Samakatwid, kapag lumitaw ang mga isyung ito, dapat pigilan at limitahan ng mga lider at manggagawa ang mga ito. Kung pagkatapos marinig ang isang tao na nakikipagbahaginan, bukod sa walang kalinawan ang mga tao sa puso nila tungkol sa katotohanan, ay naguguluhan din sila, ang kanilang dating malinaw na isipan ay nagiging magulo, hindi alam kung paano magsagawa nang tama, kung gayon, dapat pigilan at limitahan ang pakikipagbahaginan ng gayong tao. Halimbawa, sa kanilang pakikipagbahaginan tungkol sa mga katotohanan kaugnay sa normal na pagkatao, sinasabi ng ilang tao: “Ang pinakagusto ng Diyos sa normal na pagkatao ay ang kakayahang magtiis ng paghihirap, hindi mag-imbot ng kasiyahan o kaginhawahan ng laman, tanggihan ang masasarap na pagkain, huwag tamasahin ang dapat tamasahin o kung ano ang inihanda ng Diyos, makapaghimagsik laban sa mga pagnanais ng laman, supilin ang lahat ng pagnanais ng laman, supilin ang katawan, at huwag hayaang masunod ang gusto ng laman. Kaya, kapag nais mong matulog sa gabi, kailangan mong maghimagsik laban sa laman. Kung hindi mo kaya, kailangan mong maghanap ng mga paraan para pigilan ito. Kapag mas malakas ang determinasyon mong maghimagsik laban sa laman, at kapag mas lalo kang naghihimagsik laban sa laman, mas maraming pagpapamalas ng pagsasagawa sa katotohanan at mas higit na katapatan sa Diyos ang napapatunayan na tinataglay mo. Sa tingin ko, ang pinakaprominenteng pagpapamalas ng normal na pagkatao—at ang pinakanararapat isulong—ay ang pagsupil sa katawan, paghihimagsik laban sa mga pagnanais ng laman, hindi pag-iimbot sa kaginhawahan ng

laman, at pagiging matipid sa materyal na kasiyahan. Kapag mas matipid ka, mas maraming pagpapala ang maiipon mo sa kaharian ng langit.” Hindi ba’t positibong pakinggan ang mga salitang ito? May mali ba sa mga ito? Kung susukatin ayon sa lohika, mga pananaw, at mga kuru-kuro ng tao, ang mga salitang ito ay papasa sa anumang grupong panrelihiyon o panlipunan; lahat ay magbibigay ng pagsang-ayon sa mga ito at sasabihin na tama ang sinasabi nila, na mabuti at dalisay ang pananalig nila. Hindi ba’t may mga tao sa iglesia na maniniwala rin dito? Kung susukatin ayon sa mga kuru-kuro ng tao, tama ang lahat ng salitang ito—ano ang tama sa mga ito? Maaaring sinasabi ng ilan, “Talaga ngang gusto ng Diyos ang gayong mga tao. Ganoon din Siya matipid na namumuhay.” Hindi ba’t isa itong kuru-kuro ng tao? Nagkikimkim ang mga tao ng ganitong uri ng kuru-kuro, kaya, kung may isang tao na talagang magbibigay ng ganitong uri ng pakikipagbahaginan, hindi ba’t pag-ayon lang ito sa mga kuru-kuro ng nakararami? (Oo.) Kapag tinatangkilik ng mga tao ang ganitong uri ng kuru-kuro, hindi ba’t sumasang-ayon sila sa pananaw ng taong iyon? Kapag sinang-ayunan at tinanggap mo ang pananaw ng taong iyon, hindi ba’t sinasang-ayunan mo ang kanilang mga kilos? Kung gayon, hindi ba’t susubukan mong tularan sila? At kapag nagawa mo, hindi ba’t magiging tiyak na ang landas na susundan mo, ang iyong landas ng pagsasagawa? Ano ang ibig sabihin ng tiyak na? Ibig sabihin ay determinado kang kikilos at magsasagawa ka sa gayong paraan. Sapagkat naniniwala ka sa puso mo na mahal ng Diyos ang gayong mga tao at gusto Niya kapag kumikilos ka sa ganitong paraan, na tanging sa paggawa nito ka lamang magiging isang taong tanggap ng Diyos, isang taong maaaring pumasok sa kaharian ng langit at pagpalain sa langit, na may magandang hantungan, kung gayon, magpapasya kang kumilos sa ganitong paraan. Kapag ginawa mo ang kapasyahang ito, hindi ba’t nagulo at nalihis na ang isipan mo ng ganitong uri ng kaisipan at pananaw? Isa itong katunayan; ito ang kahihinatnan. Ang iyong isipan ay gulong-gulo, at hindi mo man lang ito napagtatanto. May isa pang isyu rito: Sa sandaling maparalisa at magulo ng gayong mga kaisipan at pananaw ang iyong isipan, hindi ba’t nawawalan ka ng kalinawan tungkol sa mga layunin at hinihingi ng Diyos? Hindi ba’t nagkakaroon ka ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, at napapalayo ka sa Kanya? Hindi ba’t ipinahihiwatig nito na hindi malinaw sa iyo ang mga pangitain? Pag-isipan mo itong mabuti: Kapag inililigaw ka ng isang kaisipan o pananaw na itinuturing ng mga tao na tama pero mali pala, hindi ba’t nagugulo ang isipan mo? Maaari bang maging malinaw pa rin ang mga pangitain sa puso mo kapag nagkagayon? (Hindi.) Kung gayon, tumpak ba ang kaalaman mo tungkol sa Diyos o isa ba itong maling pagkaunawa? Malinaw na isa itong maling pagkaunawa. Kung gayon, ang nauunawaan at pinaniniwalaan mong tama ay talaga bang ang katotohanan? Hindi—kumokontra ito sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, sumasalungat sa mga ito. Samakatwid, ang ganitong uri ng paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan ay talaga ngang nagiging kaguluhan sa isipan ng mga tao. Dahil itong paglihis sa paksa ay nagdudulot ng matinding kaguluhan sa isipan ng mga tao, masasabi ba na nagdudulot ito ng pagkagambala sa gawain ng

Diyos? Itinutulak nito ang mga tao sa mga kuru-kuro at sa pilosopiya at lohika ni Satanas, kaya, hindi ba't inilalayo nito ang mga tao mula sa presensiya ng Diyos? Kapag nagkakamali ng pag-unawa ang mga tao sa Diyos, kapag hindi nila nauunawaan ang Kanyang mga layunin at hindi sila makapagsagawa ayon sa Kanyang mga layunin at hinihingi, kundi sa halip ay nagsasagawa sila ayon sa lohika ni Satanas at sa mga kuru-kuro ng tao, kung gayon, mas napapalapit ba sila sa Diyos o mas napapalayo sa Kanya? (Mas napapalayo sila sa Kanya.) Mas napapalayo sila sa Kanya. Kaya, hindi ba't dapat limitahan ang pagbabahaginan sa ganitong uri ng paksa sa mga pagtitipon? (Oo.) Likas na nagiging kaguluhan sa mga tao ang ganitong uri ng paglihis sa paksa, kaya, talaga ngang dapat itong limitahan. Kung hindi ito mapipigilan at malilimitahan, dadami ang mga taong maguguluhan na mahina ang kakayahan at manhid—lalo na, iyong mga walang espirituwal na pang-unawa—na gumagaya at sumusunod sa taong lumilihis sa paksa. Ito ang oras kung kailan dapat tumindig ang mga lider at manggagawa para patigilin ito. Hindi nila dapat pahintulutan ang taong iyon na magpatuloy sa paglihis sa paksa; hindi nila dapat pahintulutan ang paksa ng pagbabahaginan nito na ilihis ang mas marami pang tao at guluhin ang isipan ng mas marami pang tao. Isa itong responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa, isang papel na dapat nilang gampanan.

Tapos na tayo sa ating pagbabahaginan tungkol sa paksa ng paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan. Sunod, ibubuod natin kung gaano kalayo dapat lumihis sa paksa ang isang tao sa kanyang pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan at kung anong mga paksa ang dapat pagbahaginan para maituring na likas itong paggambala at panggugulo. Ang ilang uri ng paglihis sa paksa ay malinaw: Kapag ganap na lumilihis sa paksa ang isang tao, kapag nagsisimula siyang makibahagi sa walang saysay na daldalan o magtalakay ng mga usapin sa tahanan, madali itong makilatis. Halimbawa, kapag nagbabahaginan ang lahat tungkol sa kung paano gawin ang kanilang tungkulin, maaaring may makipagbahaginan tungkol sa kanyang "maluwalhating" nakaraan, ikinukuwento ang kanyang mabubuting gawa o kung paano niya natulungan ang mga kapatid, at iba pa. Walang may gustong makinig dito, at habang mas ginagawa niya ito, mas lalo silang nagiging tutol dito hanggang sa hindi na nila papansinin ang tao. Makakaramdam ng hiya ang tao. Hangga't kayang kilatisin ng karamihan ang taong ito, hindi siya makapagpapatuloy. Hindi kinakailangan ang malalim na pag-unawa sa katotohanan para makilatis ang ganitong klase ng paglihis sa paksa. Ang walang saysay na pakikipagkuwentuhan, pakikipagdaldalan tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagtataas sa sarili, pagpapakitang-gilas, at pagsasamantala sa paksa ng pakikipagbahaginan para ikuwento ang tungkol sa "maluwalhating" nakaraan ng isang tao—ang ganitong uri ng paglihis sa paksa ay madaling makilatis. Sa katunayan, hindi ito nagiging malaking kaguluhan, dahil karamihan ng tao ay nasusuklam sa gayong mga bagay at hindi sila handang pakinggan ang mga ito, at alam nilang nagpapakitang-gilas lamang ang taong ito at hindi nakikipagbahaginan sa katotohanan, na lumihis na siya sa paksa. Maaaring

subukan ng grupo na hindi siya ipahiya kapag nagsimula siyang magsalita, pero habang mas ipinagpapatuloy niya, nasusuklam na ang mga tao at ayaw na nilang makinig pa, at pakiramdam nila ay mas mainam pang basahin na lang nila nang kanya-kanya ang mga salita ng Diyos. Kung magpapatuloy ang tao, tatayo sila at aalis. Kapag nakikita ng tao na nagbago ang mga bagay-bagay at na ipinapahiya lang niya ang kanyang sarili, hindi na siya magpapatuloy sa pagsasalita. Anong uri ng paglihis sa paksa ang nakapagdulot na ng masamang impluwensiya sa mga tao, pero hindi pa rin ito makilatis ng mga tao bilang isang negatibong bagay, at sa halip ay itinuturing ang lihis na paksa bilang ang katotohanan at taimtim pa itong pinakikinggan? Ang ganitong uri ng paglihis sa paksa ay maaaring maging kaguluhan sa mga tao, at dapat may pagkilatis ang isang tao sa gayong mga kaso. Magbigay ng halimbawa ng ganitong uri ng paglihis sa paksa. (Kapag ang isang tao ay hindi nagninilay-nilay sa kanyang sarili pagkatapos mapungusan, bagkus ay nakatuon lang ang kanyang pakikipag-usap sa pagiging tama at mali ng isyu, nililito nito ang isipan ng bawat isa. Hindi lang nito pinipigilan ang mga tao na magkaroon ng pagkilatis; sa halip, pakiramdam ng mga tao ay naaayon sa katotohanan ang sinasabi ng taong ito, at na tama ang mga ito. Dahil dito, nahihikayat niyang pumanig sa kanya ang lahat.) Gamit ang dahilan ng pakikipagbahaginan tungkol sa kung paano tanggapin ang mapungusan, ipinagtatanggol at ipinapawalang-sala niya ang kanyang sarili, ipinapaisip sa mga tao na mali ang pagpupungos sa kanya, hinihikayat ang mga tao na pumanig sa kanya at makisimpatiya sa kanya, at dagdag pa rito, hinihikayat niya ang mga tao na hangaan ang kanyang kakayahang magpasakop at tumanggap sa pagpupungos sa ilalim ng gayong mga sitwasyon. Nililihis nito ang mga tao; isa itong halimbawa ng kusa at sadyang paglihis sa paksa, na hindi lamang nagtutulak sa mga tagapakinig na hindi makapagpasakop kapag nahaharap sa pagpupungos, at hindi magawang tanggapin ang pagpupungos at mapagnilayan at makilala ang kanilang sarili, sa halip, nagiging sanhi rin ito na sila ay maging mapagbantay at mapanlaban sa pagpupungos. Ang gayong pakikipagbahaginan ay bigong makatulong sa mga tao na maunawaan ang kahalagahan ng pagpupungos, kung paano dapat taglayin ng mga tao ang wastong saloobin kapag nahaharap sa pagpupungos, kung paano ito tanggapin, at kung paano magsagawa. Sa halip, itinutulak nito ang mga tao na pumili ng ibang paraan sa pagharap sa pagpupungos, isang paraan na hindi ang pagsasagawa sa katotohanan at hindi pagkilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, kundi isang paraan na lalong nagtutulak sa mga tao na maging tuso. Ang gayong pakikipagbahaginan ay naglalayong ilihis ang mga tao. Ang paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan ay isang uri ng isyu na lumilitaw sa buhay iglesia. Kung ang ganitong uri ng isyu ay umabot sa antas ng paggambala at panggugulo, dapat kumilos ang mga lider at manggagawa para pigilan at limitahan ito, pagbahaginan at himayin ito, upang ang nakararami ay lumago sa pagkilatis, matuto mula sa karanasan, at matuto ng aral.

II. Pagsasabi ng mga Salita at Doktrina Para Ilihis ang mga Tao at Makuha ang Kanilang Pagpapahalaga

Ang ikalawang pagpapamalas ng mga tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia ay kapag nagsasabi ang mga tao ng mga salita at doktrina para ilihis ang mga tao at makuha ang pagpapahalaga ng mga ito. Karaniwan, puwedeng magsabi ng ilang salita at doktrina ang karamihan ng tao. Nagawa na ito ng karamihan ng tao. Dapat nating ituring ang karaniwang pangyayari ng pagsasabi ng isang tao ng mga salita at doktrina bilang resulta ng maliit na tayog at kawalan ng pagkaunawa sa katotohanan ng taong iyon. Hangga't hindi sila kumakain ng masyadong malaking oras, hangga't hindi nila sinasadyang gawin ito, hindi minomonopolisa ang usapan, hindi hinihinging hayaan lang sila ng lahat na sabihin ang anumang gusto nila, hindi hinihinging makinig ang lahat sa kanila, at hindi inililihis ang iba at sinusubukang kuhain ang pagpapahalaga ng mga ito, kung gayon, hindi ito maituturing na paggambala o panggugulo. Dahil ang karamihan ng tao ay walang katotohanang realidad, ang pagsasabi ng mga salita at doktrina ay isang napakakaraniwang pangyayari. Katanggap-tanggap ang pagsasalita nang medyo hindi naaangkop; mapapatawad ito at hindi masyadong seseryosohin. Gayumpaman, may isang eksepsiyon, at ito ay kapag nananadya ang tao na nagsasabi ng mga salita at doktrina. Ano ang ginagawa nila nang sadya? Hindi ang pagsasabi ng mga salita at doktrina ang ginagawa nila nang sadya, dahil wala rin silang katotohanang realidad. Ang mga kilos nila, tulad ng pagsasabi ng mga salita at doktrina, pagsigaw ng mga islogan, at pagtalakay ng mga teorya, ay katulad ng sa lahat ng ibang tao. Gayumpaman, may isang pagkakaiba: Kapag nagsasabi sila ng mga salita at doktrina, palagi nilang gustong hangaan sila ng iba, at ikumpara ang sarili nila sa mga lider at manggagawa at sa mga naghahangad sa katotohanan. Ang mas lalong hindi makatwiran, anuman ang sabihin nila o paano man nila ito sabihin, ang layon nila ay makuha ang suporta ng mga tao, ang ilihis ang puso ng mga tao, ang lahat ng ito ay para hangaan sila. Ano ang layon ng paghahangad ng paghanga? Nais nilang magkaroon ng katayuan at katanyagan sa puso ng mga tao, maging natatanging indibidwal o lider sa gitna ng karamihan, maging isang taong hindi pangkaraniwan o kakaiba, maging isang espesyal na tao, isang taong may awtoridad ang mga salita. Naiiba ang sitwasyong ito sa mga karaniwang pangyayari kung saan ang mga tao ay nagsasabi ng mga salita at doktrina at ito ay maituturing nang paggambala at panggugulo. Ano ang pinagkaiba ng mga taong ito mula sa mga nagsasabi ng mga salita at doktrina sa mas karaniwang paraan? Ito ay ang kanilang palagiang pagnanais na magsalita; kapag may pagkakataon, magsasalita sila. Hangga't may pagtitipon o grupo ng mga tao na nakatipon—hangga't may tagapakinig sila—magsasalita sila, may matindi silang pagnanais na gawin ito. Ang layon nila sa pagsasalita ay hindi para ibahagi sa mga kapatid ang kanilang mga saloobin, natamo, karanasan, pagkaunawa, o kabatiran para magtaguyod ng pagkaunawa sa katotohanan

o ng isang landas para isagawa ito. Sa halip, ang layon nila ay gamitin ang pagkakataon para magsabi ng mga doktrina para makapagpakitang-gilas sila, para ipakita sa iba kung gaano sila karunong, para ipakita na sila ay may utak, kaalaman, at natutuhan, at nakakahigit sa karaniwang tao. Gusto nilang makilala bilang mga indibidwal na may kakayahan, na hindi lang ordinaryo. Gusto nila ito para sa anumang usapin, lalapit sa kanila ang lahat at kokonsulta sa kanila. Sa anumang isyu sa iglesia o sa anumang suliraning kinakaharap ng mga kapatid, gusto nilang sila ang unang maiisip ng ibang tao; gusto nila ito para walang magagawa ang iba nang wala sila, para hindi mangangahas ang mga ito na pangasiwaan ang anumang usapin nang wala sila, at lahat ay maghihintay sa kanilang utos. Ito ang epektong ninanais nila. Ang layon nila sa pagsasabi ng mga salita at doktrina ay para bitagin at kontrolin ang mga tao. Para sa kanila, ang pagsasabi ng mga salita at doktrina ay isang diskarte lang, isang pamamaraan; hindi ito dahil sa hindi nila nauunawaan ang katotohanan kaya sila nagsasabi ng mga salita at doktrina kundi sa pamamagitan ng paggawa nito, ang pakay nila ay ang hangaan sila ng mga tao mula sa puso, tingalain sila, at katakutan pa nga sila, kaya napipigilan at nakokontrol nila ang mga tao. Kaya, ang ganitong uri ng pagsasabi ng mga salita at doktrina ay maituturing na paggambala at panggugulo. Sa buhay iglesia, dapat limitahan ang mga gayong indibidwal, at ang ganitong pag-uugali ng pagsasabi ng mga salita at doktrina ay dapat ding pigilan at hindi pahintulutang magpatuloy nang walang pagpipigil. Maaaring sinasabi ng ilan, “Ang gayong mga tao ay dapat limitahan; kung gayon, dapat pa ba silang bigyan ng pagkakataong magsalita?” Sa usapin ng pagiging patas, puwede silang bigyan ng pagkakataong magsalita, pero sa oras na bumalik sila sa dati nilang gawi ng pagpapakitang-gilas, at malapit na namang lumitaw ang kanilang ambisyon, dapat agad silang pigilan para maging malinaw at kalmado ang isipan nila. Ano ang dapat gawin kung madalas silang nagpapakitang-gilas sa ganitong paraan, at madalas pa ring nabubunyag ang kanilang ambisyon, at mahirap pigilan ang kanilang mga pagnanais? Dapat silang lubusang limitahan at pigilang magsalita. Kung walang may gustong makinig sa kanila kapag nagsasalita sila, at ang kanilang tono at kilos, at ang tingin nila, at ang mga galaw nila ay kasuklam-suklam na marinig at makita para sa lahat, kung gayon, malubhang uri ng problema ito. Umaabot ito sa puntong tutol ang lahat. Hindi ba’t dapat umalis na ang gayong mga tao na gumagampan sa papel ng isang hambingan sa iglesia? Panahon na para tapusin ang kanilang papel na ginagampanan. Hindi ba’t ibig sabihin niyon ay natapos na nila ang kanilang pagseserbisyo? Ano ang dapat gawin kapag nagawa na nila ang huling bahagi ng kanilang serbisyo? Dapat silang alisin. Sa sandaling magsimula silang magsalita, parehong lumang bagay lang ang sinasabi nila, na hindi mapigilan ng paglilimita. Pagod na ang lahat na makinig dito. Nagiging halata ang kanilang kahindik-hindik na mukha, ang mukha ni Satanas, ng isang masamang diyablo. Anong uri ng mga tao ang mga ito? Sila ay mga anticristo. Kung paaalisin sila nang masyadong maaga, magkikimkim ng mga kuru-kuro ang karamihan ng tao at hindi sila makukumbinsi sa puso nila, at

sasabihin nila, “Walang pagmamahal ang sambahayan ng Diyos, pinapaalis ang isang tao nang hindi man lang siya inoobserbahan sa loob ng ilang panahon, nang hindi siya binibigyan ng anumang pagkakataon na magsisi. Nagsabi lang siya ng ilang salita ng mga tagalabas, nagbunyag ng kaunting tiwaling disposisyon, at medyo mayabang siya, pero hindi naman masama ang mga intensiyon niya. Hindi patas na tratuhin siya nang ganito.” Gayumpaman, kapag ang karamihan ay nakakakilatis at malinaw na nakakaunawa sa diwa ng masasamang tao, nararapat na bang pahintulutan ang gayong masasamang tao na magpatuloy sa kanilang walang ingat na maling gawain, mga paggambala, at panggugulo sa iglesia? (Hindi.) Hindi ito patas sa lahat ng kapatid. Sa gayong mga kaso, nalulutas ang isyu sa pamamagitan ng pagpapaalis sa kanila. Sa sandaling nagawa na nila ang kanilang huling serbisyo at nakikilatis sila ng nakararami, hindi magkakaroon ng mga pagtutol ang karamihan ng tao kapag pinapaalis mo sila—hindi sila magrereklamo o magkakamali ng pag-unawa sa Diyos. Kung may mga tao pa rin na nagtatanggol sa kanila, maaari mong sabihin: “Maraming ginawang kasamaan sa iglesia ang taong iyon. Inilarawan siya bilang isang anticristo at pinaalis. Pero masyado ka pa ring nakikisimpatiya sa kanya; iniisip mo pa rin ang kabutihang ipinakita niya sa iyo, at ipinagtatanggol mo siya. Masyado kang nagiging sentimental, at ganap na wala kang mga prinsipyo. Ano ang mga kahihinatnan nito? Hindi mo makalimutan ang kaunting tulong mula sa kanya; anuman ang sabihin niya, taimtim mo itong sinusunod, palaging nagnanais na suklian siya. Pinaalis na siya ngayon. Gusto mo bang samahan siya? Kung gusto mo ring mapaalis, sige lang.” Angkop na paraan ba ito ng pangangasiwa sa sitwasyon? Sa puntong ito, oo. Kung palagiang nagsasabi ng mga salita at doktrina ang mga gayong tao para ilihis ang iba, lubhang ginugulo ang mga tao na ayaw nang dumalo ng mga ito sa mga pagtitipon, hindi ba’t ito ay dahil ang mga lider at manggagawa ay manhid at mapurol ang isip, walang pagkilatis at hindi kayang maagap na mangasiwa sa mga taong ito? Isa itong kawalan ng kakayahang gawin ang kanilang gawain, isang pagkabigo sa pagtupad sa kanilang mga responsabilidad.

Sa ngayon, karamihan ng tao ay may kaunti nang pagkilatis sa mga anticristong iyon na nagsasabi ng mga salita at doktrina. Maliban na lang kung mananatili silang tahimik, sa sandaling ipakita nila ang tunay nilang kulay, gumagampan nang sapat na partikular sa iba’t ibang paraan, at sapat na rin ang kanilang iba’t ibang pagpapamalas para matukoy sila ng mga tao bilang mga anticristo, kung gayon, hindi na dapat magkaroon pa ng mga pagkaantala o pag-aalinlangan. Dapat silang limitahan at ibukod kaagad. Kung wala nang halaga ang kanilang serbisyo, dapat na silang paalisin agad. Madaling kilatisin ang mga gayong mapagpaimbabaw na anticristo, na nagsasabi ng mga salita at doktrina, dahil malinaw naman na mga anticristo ang mga gayong tao. Sadyang palaging gusto ng ganitong klase ng anticristo na ilihis ang mga tao sa pamamagitan ng paggamit sa oportunidad na makapagsabi ng mga salita at doktrina, para makamit ang kanilang layon na humawak ng kapangyarihan. Isang paraan ito ng pagpapamalas ng mga anticristo, at madali itong makilatis. Sapat nang natalakay ang paksang ito noon,

kaya hindi na ito idedetalye pa rito. Sa pagbubuod, dapat bantayang mabuti ng mga lider at manggagawa ang mga gayong tao, agaran at tumpak na inuunawa at inaarok ang mga galaw, kaisipan, at pananaw ng mga gayong tao, pati na ang kanilang mga plano at kilos, at ang mga maling pahayag na ikinakalat nila, at agarang inaasikaso ang mga ito nang naaayon. Ito ay isang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kaya, kahit papaano, dapat maging espirituwal na matalas at metikuloso sa pag-iisip ang mga lider at manggagawa sa gampaning ito, hindi manhid o mapurol ang isip. Kung inililihis ng isang anticristo ang maraming tao sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga salita at doktrina sa panahon ng mga pagtitipon, at hindi pa rin ito nakikilala ng mga lider ng iglesia bilang anticristo at hindi nila ito mailantad o mapangasiwaan kaagad, isa itong pagkabigo na tuparin ang kanilang mga responsabilidad. Kung marami nang tao ang nailihis ng mga anticristo, at hindi na nila nakikitang makabuluhan ang mga pagtitipon kapag hindi nila naririnig ang mga anticristo na nagsasabi ng mga salita at doktrina roon, at kaya ayaw nilang dumalo sa mga pagtitipon, o ayaw pa ngang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at makinig sa mga sermon, mas gusto pang makinig sa pangangaral ng mga anticristo—kung mapagtatanto lang ng mga lider ng iglesia ang kalubhaan ng sitwasyon at magsisimula silang gumawa ng aksiyon at ituwid ang mga bagay-bagay kapag ganito na katinding nailihis at nakontrol ng mga anticristo ang mga tao—magdudulot ito ng lubhang pagkaantala! Maraming maaapektuhan na buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos dahil sa pagiging manhid at mapurol ng mga gayong huwad na lider. Kapag ang mga anticristo ay nahimay, nakilatis, at napaalis, maaaring ang ilang tao ay malihis at sumunod sa kanila. Maaaring sasabihin pa nga ng ilan, “Kung paaalisin mo sila, hindi na kami mananampalataya sa Diyos. Kung paaalisin mo sila, aalis kaming lahat!” Sa puntong ito, nagiging ganap na malinaw na walang ginagawang anumang aktuwal na gawain ang mga lider ng iglesia, na isang matinding pagkabigo na matupad ang kanilang mga responsabilidad.

Sa buhay iglesia, ang unang dapat gawin ng mga lider at manggagawa ay ang arukin ang kalagayan ng iba’t ibang indibidwal. Dapat maingat nilang obserbahan at unawain kung anong landas ang tinahak ng bawat indibidwal na miyembro ng iglesia at ano ang disposisyong diwa nito sa pamamagitan ng pakikisalamuha, at agaran at tumpak na tuklasin at tukuyin kung sino ang tumatahak sa landas ng isang anticristo at kung sino ang nagtataglay ng diwa ng isang anticristo. Pagkatapos, dapat nilang tutukan ang mga indibidwal na ito, bantayang mabuti ang mga ito, at agarang unawain at arukin ang mga pananaw at pahayag na ikinakalat ng mga ito, at kung anong mga aksiyon ang kasalukuyang inihahandang isagawa ng mga ito. Kapag gusto ng mga ito na ilihis ang mga tao at bitagin at kontrolin ang mga ito, dapat mabilis na kumilos ang mga lider at manggagawa para pigilan ang mga indibidwal na ito, sa halip na pasibong maghintay. Kung maghihintay ka hanggang sa ibunyag sila ng Diyos, o hanggang sa malihis ang mga kapatid o magkaroon ng pagkaunawa at pagkilatis sa mga indibidwal na ito bago mo ilantad ang mga anticristo, maaantala na niyon ang mga bagay-bagay. Kaya naman,

sa pagbabantay laban sa mga anticristo, dapat magkusa ang mga lider at manggagawa na maunang umaksiyon at maghanda nang maaga. Ang unang hakbang ay ang iangat at linangin ang mga taong medyo matuwid at kayang hangarin ang katotohanan; ibig sabihin, diligan nang maayos at tustusan ang mga may tungkulin ng pamumuno sa iba't ibang aytem ng gawain, at linangin sila na maging mga sandigan sa iglesia. Sa ganitong paraan lamang makakapagpatuloy nang maayos at walang sagabal ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, at makakapagpatuloy sa paglaganap ang gawain ng ebanghelyo. Anuman ito, kung walang mabuting lider ang anumang gawain, nagiging napakahirap na maisakatuparan ito. Ang pangunahing pagpapamalas ng pagsuway ng mga anticristo sa Diyos ay ang ilihis ang hinirang na mga tao ng Diyos para sumunod sa kanila, nang sa gayon ay magambala at magulo ang bawat aytem ng gawain sa sambahayan ng Diyos. Sa isang iglesia, ang unang bagay na nilalayong gawin ng mga anticristo ay ang pinsalain iyong mga may pagpapahalaga sa katarungan at iyong mga may ginagampanang papel ng pamumuno sa iba't ibang aytem ng gawain. Inaakit nila ang mga taong kaya nilang ilihis at kontrolin na pumanig sa kanila, at idinidiin, binibitag, at pinababagsak iyong mga hindi nila kayang ilihis o kontrolin, at sa huli ay pinapaalis ang mga ito. Ito ang naglalatag ng daan para makontrol ng mga anticristo ang iglesia. Una nilang pinababagsak ang ilang pangunahing indibidwal na may kakayahang maghangad sa katotohanan; ang karamihan sa mga natitira ay iyong mga sumasabay lang sa agos. Pagkatapos niyon, nagiging mas madali para sa kanila na partikular na harapin ang mga lider at manggagawa. Kapag wala ang kooperasyon at tulong ng mga naghahangad sa katotohanan, sa esensiya ay lumalaban nang mag-isa ang mga lider at manggagawa nang walang tulong. Ikaw ay nasa liwanag, habang ang mga anticristo ay nagkukubli sa kadiliman, handang palihim na atakihin, idiin, bitagin, at siraan ka anumang sandali, pinababagsak ka sa lupa para hindi ka makabangon. Pagkatapos, naghahanap ang mga anticristo ng mga taong sisipa sa iyo habang nakatumba ka, iniiwan kang ganap na nasisiraan ng loob at nawawalan ng pag-asa. Kaya naman, napakahirap na lubusang lutasin ang isyu ng mga anticristo kung iyong mga naghahangad sa katotohanan ay hindi nakikipagsanib-puwersa laban sa kanila. Sa buhay iglesia, ang unang dapat gawin ng mga lider at manggagawa ay ang panatilihin ang normal na kaayusan sa iglesia. Dahil may ganitong mga masamang tao na tumatahak sa landas ng mga anticristo, hindi magkakaroon ng mabubuting resulta sa buhay iglesia, hindi magiging madaling makatahak sa tamang landas, at karamihan sa mga tao ay madalas na magugulo at maiimpluwensiyahan. Kaya naman, ang pagtuklas, pag-unawa, pag-arok, at pagtukoy sa masasamang tao, mga anticristo, at iyong mga tumatahak sa landas ng mga anticristo ang una at pinakamahalagang gampanin na isasagawa ng mga lider at manggagawa sa buhay iglesia. Sa pamamagitan lamang ng paglilimita o pagpapaalis sa mga taong ito mapapanatili ang normal na kaayusan ng buhay iglesia. Kung hindi sila lilimitahan at pahihintulutan sila na kumilos nang may sutil na kawalang-ingat at magdudulot sila ng mga kaguluhan, mahihinto ang iba't ibang aytem ng gawain

ng iglesia. Dahil karamihan sa mga tao ay walang pagkilatis sa kanila at hindi malinaw na nakakaunawa sa kanilang diwa, at nagugulo at nalilihis pa nga ng kanilang iba't ibang nakalilinlang na kaisipan at pananaw, mahirap para sa hinirang na mga tao ng Diyos na makatahak sa tamang landas at makapasok sa katotohanang realidad sa buhay iglesia. Kung sa panahong ito ay napakanormal ng buhay iglesia, ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nagkakamit at umuusad sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at sa pagbabahaginan sa katotohanan, at sa wakas ay mayroon na silang kaunting buhay pagpasok at kaunting katotohanang realidad, pero pagkatapos, nililihis at ginugulo sila ng mga anticristong nagsasabi ng mga salita at doktrina, kung gayon, hindi lang nawawala sa kanila ang kaunting dalisay na pagkaarok at tunay na pagkaunawa na bago lang nilang nakamit, kundi nakakatanggap din sila ng maraming paimbabaw na maling pananampalataya at maling paniniwala—agad silang naguguluhang muli, gaya ng mga nagsasagwan na inaanod pabalik ng agos sa sandaling huminto sila sa pagsagwan, na isang napakalaking problema. Hindi madali para sa mga tao na maisakatuparan ang paglago sa buhay; maaaring abutin ng maraming taon bago makakita ng kaunting pag-usad, at napakabagal nito. Mahirap para sa mga tao na makuha ang kahit kaunting tayog na mayroon sila—hindi ito madaling makamit. Sa pamamagitan ng panlilihis at panggugulo ng mga anticristo, nawala ang kaunting tunay na pagkaarok ng mga tao. Ang mas malubha pa, pagkatapos ng panggugulo ni Satanas at ng mga anticristo, napupuno ang mga tao ng maraming pilosopiya ni Satanas, mga pakana at pandaraya ni Satanas, at ng lason na itinanim sa kanila ni Satanas. Dahil sa mga bagay na ito, hindi lamang nabibigo ang mga tao na makilala ang Diyos at magpasakop sa Kanya, kundi sa kabaligtaran, nagsasanhi sa mga tao na magkaroon ng mga kuru-kuro at maling pagkaunawa sa Diyos, at lumalayo sila sa Kanya, na lalong nagpapatindi sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, higit na inuudyukan ang kanilang pagkakanulo sa Diyos. Napakalubha ng mga kahihinatnan nito. Sabihin mo sa Akin, sa harap ng gayong malulubhang kahihinatnan, kinakailangan bang pigilan at limitahan iyong mga nanlilihis sa mga tao gamit ang mga salita at doktrina? Hindi ba't isa itong mahalagang gampanin na dapat isagawa ng mga lider ng iglesia? (Oo.) Samakatwid, ang paglimita sa masasamang tao at mga hindi mananampalataya ay isang mahalagang gampanin para sa iglesia. Sinasabi ng ilang tao, "Wala akong pagkilatis. Hindi ko alam kung paano ito gagawin." Sa katunayan, hangga't mayroon kang kagustuhan, hangga't maingat kang nag-oobserba, at palagi mong sinusuri ang mga intensiyon at motibo ng mga tao, unti-unti kang magkakaroon ng pagkilatis. Ang mga hindi mananampalataya at masasamang taong ito, sa sandaling ipakita nila ang kanilang sarili, ay may sariling mga intensiyon at motibo, na pawang ang pakay ay himukin ang mga tao na tingalain at idolohin sila, at makinig sa kanilang sinasabi. Kapag nahihiwatigan mo ang kanilang mga intensiyon at motibo, ito ay pagkakaroon na ng kaunting pagkilatis. Kung hindi ka sigurado, maaari kang makipagbahaginan tungkol sa usaping ito sa ilang tao na medyo nakakaunawa sa katotohanan. Sa oras ng pagbabahaginan, sa isang banda, maaari

kang gumawa ng kapasyahan sa pamamagitan ng katotohanang nauunawaan ng lahat at ng iba't ibang makatotohanang ebidensiyang naarok. Sa kabilang banda, sa pamamagitan ng kaliwanagan at patnubay ng Diyos, at sa liwanag na ibinibigay ng Diyos habang nagbabahaginan, maaari mong makumpirma ang tungkol sa usaping ito, makumpirma kung ang tinutukoy na tao ay isa nga bang anticristo at kung siya nga ba ay isang taong dapat limitahan. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan, kung nakukumpirma ng lahat at nagkakaisa silang sumasang-ayon, sinasabi na ang taong ito ay isa ngang anticristo na dapat limitahan—pagkatapos magkasundo ang lahat ng kapatid at pare-pareho na ang kanilang perspektiba—ang susunod na hakbang para sa mga lider at manggagawa ay ang agad na pangasiwaan at paalisin ang taong ito ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ang prinsipyo. Sa sandaling maunawaan ng mga tao ang prinsipyong ito, dapat silang gumawa ng aktuwal na gawain, na nangangahulugan ng pagtupad sa kanilang responsabilidad at pagiging tapat. Ang pag-unawa sa mga prinsipyo ay hindi lang para ipangaral o isaulo ang mga ito, kundi para ilapat ang mga ito sa aktuwal na gawain ng iyong tungkulin. Sa aktuwal na gawain, ang pag-unawa sa mga prinsipyo ay nagbibigay-daan sa iyo na mas mahusay at mas lubusang matupad ang iyong mga responsabilidad at obligasyon. Kaya naman, ito rin ay parte ng gawain ng mga lider at manggagawa. Upang mapanatili ang normal na kaayusan ng buhay iglesia at tulutan ang mga kapatid na mamuhay ng buhay iglesia nang normal at makapasok sa lahat ng katotohanang hinihingi ng Diyos, kapag lumilitaw ang mga anticristong nagsasabi ng mga salita at doktrina, ang mga lider at manggagawa ang dapat unang tumindig para pigilan at limitahan sila. Para sa mga anticristong nagsasabi ng mga salita at doktrina, hindi ito tungkol sa paglilimita sa kanila dahil lang sa nagsabi sila ng ilang maling bagay. Kung ang matagalang obserbasyon o ang puna ng nakararami at ang kanilang mga partikular na pagpapamalas ay sapat para matukoy na sila nga ay ang anticristong uri, kung gayon, dapat na kumilos ang mga lider at manggagawa para pigilan at limitahan sila, at hindi sila dapat tulutang magpatuloy nang hindi napipigilan. Ang pagkunsinti sa kanila ay katumbas ng pagtutulot sa mga diyablo, mga Satanas, maruruming demonyo, at masasamang espiritu na maghasik ng kaguluhan sa iglesia, na nangangahulugang ang mga gayong lider at manggagawa ay nagpapabaya sa kanilang mga responsabilidad, na sa esensiya ay gumagawa para kay Satanas. Natapos na ngayon ang pagbabahaginan tungkol sa pangalawang klase ng isyu tungkol sa mga paggambala at panggugulo sa buhay iglesia.

III. Pagdadaldal Tungkol sa mga Usapin sa Tahanan, Pagbubuo ng mga Personal na Koneksiyon, at Pag-aasikaso sa mga Personal na Usapin

Sunod, magbahaginan naman tayo sa ikatlong isyu: pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin. Ang mga problemang ito na nakapaloob sa ikatlong isyu, na tatalakayin natin sa ating pagbabahaginan, ay malinaw na hindi dapat mangyari sa

buhay iglesia. Kapag namumuhay ng buhay iglesia, pumaparito ang mga tao para kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, magbahagi ng mga salita ng Diyos, magbahaginan sa katotohanan, at magbahaginan ng kanilang mga personal na patotoong batay sa karanasan, habang hinahangad din ang mga layunin ng Diyos at ang pagkaunawa sa katotohanan. Kaya, dapat bang pigilan at limitahan ang mga problema gaya ng pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin sa buhay iglesia? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao, “Hindi ba’t ayos lang naman na batiin ang isa’t isa? Kung medyo malapit sa isa’t isa at dati nang magkakilala ang dalawang tao, at nagkita sila sa panahon ng buhay iglesia at nagkuwentuhan nang kaunti, iyon ba ay pagdadaldalan tungkol sa mga usapin sa tahanan? Dapat din ba itong limitahan?” Ito ba ang mga uri ng problemang tinutukoy ng ikatlong isyu? (Hindi.) Malinaw na hindi. Kung pati ang mga simple at magalang na pagbati ay lilimitahan, matatakot na ang mga tao na mag-usap kapag nagkita sila sa hinaharap. Ang ikatlong isyu—pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin—ay maaaring binubuo lang ng tatlong terminong ito, pero ang mga problemang kinakatawan ng mga terminong ito ay hindi mga simple at magalang na pagbati o pag-uusap. Ang mga ito ay masasamang kilos na maaaring gumambala, gumulo, at sumira sa buhay iglesia. Dahil bumubuo ng mga paggambala at panggugulo ang mga ito, karapat-dapat na pagbahaginan ang mga ito. Ano ang dapat pagbahaginan? Kung aling mga problema, kung aling mga salita ang sinasabi ng mga tao, kung aling mga bagay ang ginagawa nila, at kung aling pananalita, pag-uugali, at pagkilos ng mga tao ang maaaring umabot sa antas ng paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia. Talakayin natin ang ilang partikular na halimbawa para makita natin kung malubha ba ang mga problemang ito, kung nagdudulot ba ang mga ito ng mga pagkagambala at kaguluhan, at kung dapat bang pigilan at limitahan ang mga ito.

Sa buhay iglesia, ang ilang tao ay madalas magkuwentuhan tungkol sa mga walang kabuluhang usapin sa tahanan at tungkol sa sarili nilang mga kuru-kuro at ideya, na para bang ang mga ito ang mga pangunahing paksa ng talakayan. Sinasabi niya: “Napakadilim ng lipunan ngayon; sobrang nakakapagod na makisalamuha at mamuhay kasama ng mga walang pananampalataya. Kayang gawin ng mga walang pananampalataya ang kahit ano; talagang hindi na ito kayang tiisin!” Sinasabi naman ng ilang kapatid, “Nananampalataya tayo sa Diyos; anuman ang mga sitwasyong kinakaharap natin, dapat magawa nating kumilatis, at hanapin ang katotohanan at ang mga landas ng pagsasagawa. Kung namumuhay ka nang ganito, hindi ka makakaramdam ng matinding pagod.” Pero sinasabi niya, “Ang salita ng Diyos ay ang katotohanan, pero hindi ito ang lunas sa lahat ng bagay. Nag-alala ako noon na baka may ibang babae ang mister ko, at totoo nga ito—nakahanap siya ng mas bata at mas maganda kaysa sa akin. Paano na ako ngayon mabubuhay?” Habang nagdadaldal nang ganito, nagsimula siyang umiyak nang malungkot. Ang pagsasalita niya sa ganitong

paraan ay nag-uudyok na maging malungkot ang ilan. Ang ilan, na nakaranas ng parehong sitwasyon sa kanya, ay agad niyang nakapalagayang-loob at nagsimula silang magkuwentuhan doon mismo. Sa loob ng dalawang oras na pagtitipon, detalyado niyang tinalakay kung paanong nagtalo sila ng mister niya pagkatapos nitong mangaliwa, kung paanong sinubukan niyang mag-isip ng mga paraan para ilipat ang kanilang ari-arian bilang mag-asawa, kung paanong kumonsulta siya sa isang abogado para maiwasan ang mga kawalan pagkatapos ng diborsiyo, at marami pang iba. Dapat bang talakayin sa buhay iglesia ang ganitong uri ng paksa? (Hindi.) Kung hindi pa naayos ang mga usapin sa iyong pamilya at kung naaabala ka ng mga ito sa pagdalo sa mga pagtitipon, mas mabuting huwag ka na lang dumalo. Ang lugar ng pagtitipon ng iglesia ay hindi isang lugar para magbulalas ng iyong mga personal na hinaing, o para makipagdaldalan tungkol sa mga usapin sa tahanan. Kung nahaharap ka sa mga suliranin sa tahanan at ayaw mong maipit, mapigilan, o malimitahan ng mga isyung ito, at gusto mong hanapin ang katotohanan para maunawaan ang layunin ng Diyos, at gusto mong bitiwan ang lahat ng ito, kung gayon, maaari kang dagliang magbahagi ng iyong mga problema sa panahon ng pagtitipon nang sa gayon ay makipagbahaginan ang mga kapatid sa katotohanan para matulungan ka. Matutulungan ka nitong maunawaan ang layunin ng Diyos at maging malakas, hindi mapigilan ng mga isyung ito, makawala ka sa pagkanegatibo at kahinaan, at mapili ang landas na tama at pinakaangkop sa iyo. Ito ang dapat mong pagbahaginan. Gayumpaman, kung dadalhin mo sa buhay iglesia ang mga nakakairitang walang kabuluhang bagay na ito na mula sa iyong bahay para ibuhos at gawing paksa ng pangangaral, at karamihan sa mga tao, dahil nahihiya sila, ay hindi ka pinipigilan o hindi sumasabad sa iyo, bagkus ay nag-iipon lang sila ng pasensiya at pinipilit nila ang kanilang sarili na makinig sa iyo na magsalita ng mga nakakairitang walang kabuluhang bagay na ito, angkop ba ito? Ito ba ay pagpapakita ng pagmamahal? Ito ba ay pagiging matiisin at mapagpasensiya? Nagsanhi na ng mga kaguluhan sa buhay iglesia ang pag-uugali mong ito. Sino ang nagdurusa dahil dito? Ang hinirang na mga tao ng Diyos. Lalo na sa kapaligiran ng mainland China, kung saan hindi madali ang pagtitipon at kailangang magtago ang mga mananampalataya kung saan-saan, at kailangan pa ngang i-iskedyul nang maaga ang mga bagay-bagay—kung may isang taong naglalabas ng lahat ng nakakairitang usaping pangtahanan sa lugar ng pagtitipon para marinig at pag-usapan ng lahat, angkop ba ito? Karamihan ng tao ay dumadalo sa mga pagtitipon para maunawaan ang katotohanan at ang mga layunin ng Diyos, hindi para marinig ang mga nakakairitang walang kabuluhang bagay na ito, hindi para makinig sa iyo na magdaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan. Sinasabi ng ilang tao, “Walang ibang taong malapit sa akin, kaya ano ang masama kung ikukuwento ko ang mga ito sa mga kapatid?” Maaari mo namang ikuwento ang mga ito, pero mahalaga ang tamang oras. Sa labas ng mga oras ng pagtitipon, basta’t handang makinig ang kabilang panig, maaari mong ikuwento ang mga ito; malaya kang gawin iyon, at hindi ka lilimitahan ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, ang lugar at oras na pinipili mong ikuwento ang

mga gayong usapin ay hindi tama. Ito ay sa buhay iglesia, sa oras ng pagtitipon, at ang walang katapusang pagkukuwento mo tungkol sa mga usapin sa tahanan ay palaging nakakaabala sa mga kapatid at dapat itong limitahan. Hindi ba't isa itong panuntunan? Isa nga itong panuntunan. Ang hindi pag-unawa sa mga panuntunan ay hindi katanggap-tanggap, dahil maaari itong humantong sa hindi makatwirang pagkilos at panggugulo sa iba. Ang mga pag-uugali, pananalita, at pagkilos na nagsasanhi ng mga kaguluhan ay dapat limitahan; ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at responsabilidad din ng lahat ng kapatid. Kadalasang kakaunti lang ang napagbabahaginan ng ilang tao sa mga pagtitipon, pero sa tuwing lumilitaw ang mga isyu sa kanilang buhay pamilya, ikinukuwento nila sa iba ang mga nakakairitang walang kabuluhang bagay na ito para pakinggan ng mga ito. Obligado bang makinig ang iba? Obligado ba silang husgahan kung ano ang tama at mali para sa iyo? Wala silang mga gayong obligasyon. Ang mga bagay na iyon ay mga personal mong usapin, at dapat mong pangasiwaan ang mga ito nang mag-isa; hindi mo dapat ikuwento ang iyong mga personal na usapin sa oras ng pagtitipon. Labag ito sa mga panuntunan at hindi ito makatwiran, at dapat limitahan ang gayong pag-uugali.

Ang mga anak ng ilang tao ay pumapasok sa unibersidad, at nagsisimula silang mag-alala tungkol sa kinabukasan ng kanilang mga anak, naghahanap sila ng mga koneksiyon para sa mga ito, palaging nag-iisip-isip, "Walang sinumang opisyal ng gobyerno sa pamilya namin; anong uri ng trabaho ang mahahanap ng anak ko kapag nagtapos na siya sa unibersidad? Paano ang kinabukasan niya? Makakaya ba niya akong suportahan sa pagtanda ko? Kailangan kong humanap ng paraan para masiguro na mayroon siyang magandang trabaho sa pagtatapos niya ng pag-aaral." Kapag dumadalo sa mga pagtitipon, sinasabi nila, "Napakamasunurin ng anak ko. Bukod sa sinusuportahan niya ang pananalig ko sa Diyos, gusto rin niyang manampalataya kapag nagtapos na siya sa unibersidad. Gayumpaman, may isang problema, kahit nananampalataya kami sa Diyos, kailangan pa rin naming maghanap-buhay, hindi ba? Hindi ko alam kung anong klase ng trabaho ang mahahanap niya kapag nakatapos na siya ng pag-aaral. Ano bang mga trabaho ngayon ang mataas ang sahod? Sister Ganito-at-ganyan, nabalitaan ko na manager ang mister mo. Maaari kaya siyang makatulong? May pinag-aralan ang anak ko, marami na siyang karanasan, mas mahusay ang kakayahan niya kaysa sa akin, at magaling siya sa kompyuter; maaari siyang gumawa ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos sa hinaharap. Pero sa ngayon, kailangan munang malutas ang usapin ng paghahanap ng trabaho; mahihirapan siya kung hindi siya makakahanap ng trabaho." Sa tuwing dumadalo sila sa pagtitipon, binabanggit nila ang mga usaping ito, at hindi na natatapos ang usapan. Tinitingnan nila kung sino ang maaaring makisimpatiya sa kanila, at pagkatapos, hinahangad nilang makabuo ng koneksiyon sa mga taong iyon. Sa mga pagtitipon, sinusubukan nilang makipaglapit sa mga taong ito, pinagbibigyan ang hilig ng mga ito, at nagbibigay pa nga sila ng mga regalo, nagdadala ng masasarap na pagkain o bumibili ng maliliit na aytem para sa mga

taong ito minsan. Hindi ba't ito ay pagbuo ng mga personal na koneksiyon at paglalatag ng pundasyon? Ano ang layunin ng paglalatag ng pundasyon? Ito ay para gamitin ang iba upang asikasuhin ang sariling mga personal na usapin, para makamit ang sariling mga layon. Sa mga pagtitipon, ayaw nilang makinig sa mga kapatid na nagbabahagi ng mga patotoong batay sa karanasan ng mga ito, hindi nila pinapansin ang anumang gawain na isinasaayos ng sambahayan ng Diyos para sa kanila, at ayaw nilang makinig sa mga kapatid na nagtatangkang tumulong at magpayo sa kanila tungkol sa kanilang kalagayan. Partikular lang silang masigasig tungkol sa paghahanap ng trabaho ng anak nila, walang katapusan nila itong tinatalakay. Hindi lang nila ito sinasabi sa sinumang nakikita nila, kundi pati na sa oras ng mga pagtitipon. Sa madaling salita, labis silang nakatuon sa usaping ito at pinagsisikapan nila ito nang husto. Sa bawat pagtitipon, kailangan nilang kumuha ng kaunting oras mula sa mga kapatid para pag-usapan ang bagay na ito. Kahit sa pagbabahaginan ng sarili nilang mga karanasan, hindi nila nakakalimutang banggitin ito, nagsasalita sila hanggang sa mawalan ng pasensiya at masuklam na ang lahat, at karamihan sa mga tao ay masyadong nahihiyang pigilan sila. Sa puntong ito, dapat tuparin ng mga lider at manggagawa ang kanilang responsabilidad at limitahan ang mga taong ito, sabihin, "Alam ng lahat ang sitwasyon mo. Kung may sinumang kapatid na handang tumulong, personal na ugnayan na ninyo iyon. Kung ayaw tumulong ng iba, hindi mo sila dapat pilitin. Ang pagtulong sa anak mo na makahanap ng trabaho ay hindi obligasyon o responsabilidad ng mga kapatid; personal mong usapin ito at hindi nito dapat ubusin ang mahalagang oras ng mga kapatid sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at sa pagbabahaginan sa katotohanan. Huwag mong pakialaman ang pagkain at pag-inom ng iba sa mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabahagi tungkol sa mga personal mong usapin. Pagkatapos ng pagtitipon, puwede kang makipag-usap at humingi ng tulong sa sinumang gusto mo, pero huwag mong gamitin ang oras ng pagtitipon para pag-usapan ito. Ang paggamit sa oras ng pagtitipon para sa pag-asikaso ng mga personal na usapin ay hindi makatwiran at kahiya-hiya; isa itong pagpapamalas ng panggugulo sa buhay iglesia. Dapat matigil na rito ang usaping ito." Ito ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa.

Sa mga pagtitipon, nakikita ng ilang matandang babae na magaganda, matatapat, at mga totoong nananampalataya sa Diyos at naghahangad sa katotohanan ang mga nakababatang sister sa mga pamilyang nagpapatira sa kanilang bahay, kaya, nagugustuhan nila ang mga ito at nais nilang maging manugang ang mga nakababatang sister na ito. Bukod sa palagi nila itong binabanggit sa mga pagtitipon, binibigyan din nila ng mga munting pabor at espesyal na atensiyon ang mga nakababatang sister sa tuwing pumupunta sila sa mga pagtitipon. Kahit hindi sumasang-ayon ang mga nakababatang sister, patuloy nilang kinukulit at ginugulo ang mga ito, hindi tinatantanan ang mga ito. Anong klaseng mga tao sila? Hindi ba't mababa ang karakter nila? Dahil lahat sila ay sister sa pananalig, nagagawa lang ng karamihan na makipagbahaginan sa mga layunin at salita ng Diyos para lutasin ang mga isyung ito. Gayumpaman, ang ilang tao ay

walang konsensiya, katwiran, at kamalayan sa sarili, mayroon silang mga napakalaking pansariling pagnanais, at gusto nilang maisakatuparan ang anumang makasariling pagnanais na mayroon sila nang walang anumang pakiramdam ng kahihiyan. Kaya, nagiging biktima ang ilang tao at hindi sila komportable sa mga pagtitipon. Hindi ba't nagsasanhi ito ng mga kaguluhan sa iba? Ano ang dapat gawin sa mga gayong sitwasyon? Dapat kumilos ang mga lider ng iglesia para limitahan at alisin ang ganitong uri ng mga usapin sa buhay iglesia at sa mga kapatid. Dagdag pa rito, iba't ibang lagay ng loob ang dala-dala ng mga tao sa mga pagtitipon—hindi nagiging mabuting anak ang kanilang mga anak, ang kanilang manugang na babae ay palaging nagdadala ng mga bagay sa bahay ng mga magulang nito, mga alitan sa pagitan ng biyenan at manugang na babae…. Ikinukuwento nila ang mga nakakairitang walang kabuluhang bagay na ito sa bawat pagtitipon, pinapangunahan ang mga reklamo nila ng: "Totoo ang lahat ng sinasabi ng Diyos; napakatiwali na ng sangkatauhan ngayon! Tingnan mo na lang ang anak at manugang ko, walang konsensiya, walang katwiran—ito ang sinasabi ng Diyos na kawalan ng pagkatao, mas masahol pa sila kaysa sa mga hayop. Kahit ang mga tupa ay marunong lumuhod kapag sumususo, pero ang anak ko, nakalimutan na niya ang kanyang ina sa sandaling may asawa na siya!" Sa tuwing dumadalo sila sa mga pagtitipon, ipinapahayag nila ang mga reklamong ito. Mayroon ding mga tao na, kapag dumadalo sa mga pagtitipon, ay nagkukuwento tungkol sa mga usapin sa kanilang kompanya—kung sino ang may mataas na performance at nakakakuha ng mas maraming bonus; kung sino ang itataas ng ranggo sa susunod na buwan, habang sila ay walang pag-asa; kung sino ang pinakamagandang manamit at bumibili ng mga pinaka-branded na gamit; kung sino ang nakapag-asawa ng mayaman…. Para sa mga mas matagal nang nananampalataya sa Diyos at may kaunting pundasyon, ayaw nilang makarinig ng gayong usapan at nasusuklam sila rito. Gayumpaman, nakakawili ang mga gayong paksa para sa ilang bagong mananampalataya na hindi pa nakapagtatag ng pundasyon o wala pang interes sa mga salita ng Diyos, naniniwalang nakahanap sila ng isang lugar kung saan makakapagkuwentuhan sila at makakabuo ng mga personal na koneksiyon. Sa mga pagtitipon, nagkukuwentuhan sila, at unti-unting nagkakapalagayang-loob ang dalawang tao at nakakabuo sila ng koneksiyon, kaya, nagkakaroon sila ng isang pribadong ugnayan. Ang lugar ng pagtitipon ay naging isang lugar para sa mga transaksiyon, isang lugar kung saan nakikibahagi ang mga tao sa mga walang saysay na kuwentuhan, bumubuo ng mga personal na koneksiyon, nakikipagnegosyo, at nakikilahok sa mga komersiyal na operasyon. Ang mga isyung ito ang dapat tukuyin at pigilan kaagad ng mga lider at manggagawa.

Ang ilang tao ay dumadalo sa mga pagtitipon nang may pakay na maghanap ng magandang trabaho para sa kanilang sarili, ang ilan ay para tulungan ang kanilang mga mister na tumaas ang ranggo, ang ilan ay para makahanap ng magandang trabaho para sa kanilang mga anak, at ang ilan ay para makabili ng mga produktong may diskuwento. Ang iba naman ay dumadalo para makahanap ng magaling na doktor para sa maysakit

sa kanilang pamilya nang hindi na kailangang magbigay ng napakaraming regalo. Sa madaling salita, itinuturing ng mga hindi mananampalatayang ito, na hindi naghahangad sa katotohanan at may mga lihim na motibo, ang oras ng mga pagtitipon sa iglesia bilang ang pinakamainam na pagkakataon para bumuo ng mga personal na koneksiyon at asikasuhin ang mga personal na usapin. Kadalasan, sa ilalim ng pagkukunwaring pakikipagbahaginan ng mga salita ng Diyos o pagkilala sa buktot na mundong ito at sa diwa ng tiwaling sangkatauhang ito, binabanggit nila ang kanilang sariling mga suliranin at mga usaping nais nilang talakayin, unti-unting inilalantad sa huli ang kanilang mga nakatagong makasariling motibo at mga personal na usaping nilalayon nilang matapos. Inilalantad nila ang sarili nilang mga layunin at maling ipinapaniwala sa iba na nahaharap sila sa mga suliranin, iminumungkahi na dapat magpakita ang lahat ng pagmamahal at tumulong sa kanila nang walang kondisyon, at nang walang inaasahang anumang kapalit. Nagpapanggap silang nananampalataya sa Diyos para masamantala ang iba't ibang butas sa sistema, naghahanap sa mga lugar ng pagtitipon ng mga magiging kaibigan at iyong mga makakagawa ng mga bagay-bagay para sa kanila. May ilan na gustong bumili ng kotse na may presyong mapagkakasunduan, at tinitingnan nilang mabuti ang mga kapatid para malaman kung sino ang nagtatrabaho sa mga tindahan ng sasakyan o kung sino ang may mga koneksiyon sa may-ari ng tindahan ng sasakyan. Kapag natukoy na nila ang kanilang target, umaaksiyon na sila, nakikipaglapit sa kapatid na ito, at bumubuo ng mga koneksiyon. Kung ang indibidwal na iyon ay mahilig magbasa ng mga salita ng Diyos, madalas nilang binibisita ang bahay nito para magkasama silang magbasa ng mga salita ng Diyos, at nauupo sila sa tabi nito sa mga pagtitipon at nakikipagpalitan ng kanilang impormasyon pang-kontak. Pagkatapos, nagsisimula na sila ng kanilang pag-atake, determinadong hindi sumuko hanggang sa makamit nila ang kanilang layunin. Ang lahat ng ito ay mga isyung madalas na lumilitaw sa loob ng iglesia at sa mga tao. Kung ang mga isyung ito ay lumitaw sa mga lugar ng pagtitipon at sa oras ng mga pagtitipon, magdudulot ang mga ito ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, na nakakaapekto sa buhay iglesia. Kung walang buhay iglesia sa isang iglesia sa loob ng mahabang panahon, nagiging isang grupong panlipunan ang iglesiang iyon, isang lugar ng pakikipagtransaksiyon, isang lugar ng pagbuo ng mga personal na koneksiyon, paghahanap ng mga pabor gamit ang mga hindi opisyal na paraan, at pag-aasikaso ng mga personal na usapin. Nagbabago ang kalikasan ng lugar na ito, at ano ang mga kahihinatnan nito? Sa pinakamababa, nauuwi ito sa pagkawala ng buhay iglesia—ibig sabihin, ang pagkawala ng mahalagang oras na ginugol sa pagdarasal-pagbabasa ng mga salita ng Diyos kasama ang mga kapatid at sa pag-unawa sa katotohanan. Higit pa riyan, at ang pinakamahalaga, humahantong ito sa pagkawala ng mahalagang pagkakataon para gumawa ang Banal na Espiritu, para bigyang-liwanag ang mga tao na makaunawa sa katotohanan. Ang lahat ng ito ay pumipinsala sa buhay pagpasok ng mga tao. Kaya naman, para sa ikabubuti at buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at upang maging responsable sa buhay ng lahat, kinakailangang

pigilan at limitahan ang mga gayong indibidwal; ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Siyempre, kung kayang kilatisin ng mga ordinaryong kapatid ang mga taong ito at ang kanilang mga kilos, dapat din silang tumindig para tumanggi at magsabi ng “hindi” sa mga ito. Lalo na habang namumuhay ng buhay iglesia, na siyang pinakamahalagang oras para sa mga tao, kung may isang taong gumagamit sa oras ng pagtitipon para pag-usapan at asikasuhin ang mga usaping ito, may karapatan ang mga kapatid na huwag siyang pansinin, at higit pa riyan, may karapatan silang pigilan at tanggihan ang mga gayong bagay. Tama bang gawin ito? (Oo.) Iniisip ng ilang tao na ang ginagawang ito ng sambahayan ng Diyos ay nagpapakita ng kawalan ng pagmamalasakit sa tao. Normal ba na pagkatao ang pagmamalasakit sa tao? Umaayon ba sa katotohanan ang pagmamalasakit sa tao? Kung mayroon kang pagmamalasakit sa kapwa tao at ginagamit mo ang oras ng pagtitipon para sa mga personal mong usapin, at nagpapasama at nagpapasuporta ka pa nga sa karamihan ng tao, kinakamtan ang layunin mong asikasuhin ang mga personal mong usapin, at ginugulo ang normal na kaayusan ng pagbabasa ng hinirang na mga tao ng Diyos ng Kanyang mga salita at ang pagbabahaginan nila sa katotohanan, at nagiging dahilan para mawalan sila ng mahalagang oras na ito, patas ba ito para sa kanila? Umaayon ba ito sa pagkakaroon ng pagmamalasakit sa tao? Ito ang pinakadi-makatao at imoral na pamamaraan, at dapat tumindig ang mga tao at tuligsain ito. Kung ang mga lider at manggagawa ay mga di-epektibong sunud-sunuran lang, walang silbi, at hindi kayang pigilan at limitahan kaagad ang mga gayong pag-uugali, hindi nakikibahagi sa aktuwal na gawain, kung gayon, dapat magkaisa ang mga kapatid na may pagpapahalaga sa katarungan para pigilan ang paglaganap ng gayong pag-uugali at ng ganitong atmospera sa iglesia. Kung ayaw mong mawala ang mahalagang oras sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pagbabahaginan sa katotohanan, kung ayaw mong magulo ang iyong buhay pagpasok at magdusa ng mga kawalan, na sumisira sa pagkakataon mong maligtas, kung gayon, dapat kang tumindig para tanggihan, pigilan, at limitahan ang mga pangyayaring ito. Ang paggawa nito ay angkop at naaayon sa mga layunin ng Diyos. Ang ilan sa inyo ay nahihiyang gawin ito; maaaring nahihiya ka, pero ang mga masamang tao ay hindi. May lakas ng loob silang kunin ang iyong mahalagang oras ng pagtitipon: ang oras para gumawa ang Banal na Espiritu at bigyang-liwanag ka ng Diyos. Kung nahihiya kang tanggihan sila, nararapat lang sa iyo ang kawalan sa buhay mo! Kung handa kang magpakita ng pagmamahal sa mga Satanas, sa mga diyablo, at sa mga hindi mananampalataya, nag-aalok ng tulong sa kanila, isinasakripisyo ang iyong sarili para sa iba at binabalewala ang mga prinsipyo, sino ang masisisi mo sa kawalan sa buhay mo? Kaya, ang lahat ng pagkakataon ng pagbuo ng mga personal na koneksiyon at pag-aasikaso sa mga personal na usapin ay dapat ganap na maalis sa buhay iglesia. Kung may isang tao na magpapatuloy sa sarili niyang kagustuhan, at magpupumilit sa pagdadaldal tungkol sa kanyang mga usapin sa tahanan, nakikibahagi sa mga walang saysay na kuwentuhan, nag-aasikaso sa mga personal na usapin, o naghahanap ng mga trabaho at kasintahan

para sa iba sa oras ng mga pagtitipon, sa ganitong paraan, naghahanap siya ng iba't ibang palusot para palipasin ang oras na ito, paano dapat pangasiwaan ang gayong tao? Una, dapat siyang pigilan; kung hindi pa rin siya makikinig, dapat siyang ibukod at limitahan. Kung patuloy pa rin siyang palihim na magdudulot ng mga kaguluhan, nakikipaglapit sa kahit sinong kaya niyang lapitan at nanggugulo sa normal na buhay ng mga kapatid sa lahat ng lugar, kung gayon, dapat siyang paalisin at hindi ituring bilang kapatid. Hindi siya kalipikadong mamuhay ng buhay iglesia at hindi siya karapat-dapat na makilahok sa mga pagtitipon. Ang mga gayong tao ay dapat na limitahan at itakwil. Ang gawaing ito, siyempre, ay isa ring mahalagang gampanin na dapat gawin ng mga lider at manggagawa sa lahat ng antas. Kapag lumilitaw ang mga gayong usapin at sitwasyon, ang mga lider at manggagawa ang dapat unang tumindig at pumigil sa kanila. Paano mo sila dapat pigilan? Dapat mong sabihin sa kanila, "Alam mo ba na nakakagambala at nakakagulo na sa buhay iglesia ang pag-uugali mong ito? Kinasusuklaman at kinapopootan ito ng lahat ng kapatid, at kinokondena rin ito ng Diyos. Dapat mong ihinto ang ganitong pag-uugali. Kung hindi ka makikinig sa panghihikayat at magpapatuloy ka sa sarili mong kagustuhan, ititigil ang iyong buhay iglesia, kukunin ang mga aklat mo ng mga salita ng Diyos, at hindi ka na kikilalanin ng iglesia!" Siyempre, may ilang tao na, dahil sa kanilang mababang tayog at kawalan ng pag-unawa sa katotohanan, maaaring makipagkuwentuhan tungkol sa mga usapin sa tahanan paminsan-minsan, bumuo ng koneksiyon sa iba, o mag-asikaso sa isang maliit na usapin, at hindi gaanong malubha ang sitwasyon. Ayos lang ba ito? (Oo.) Sa mga sitwasyong hindi nakakagulo sa lahat, katanggap-tanggap na magtulungan ang mga kapatid at magpakita ng kaunting pagmamahal sa isa't isa. Pero ano ang pinagbabahaginan natin? Ito ay kapag nagdulot na ng mga pagkagambala at kaguluhan sa normal na buhay iglesia ang mga gayong pag-uugali at kilos; sa mga gayong kaso, ang mga gumagawa nito ay dapat pigilan at limitahan. Hindi natin sila dapat tulutang magpatuloy sa paggambala at panggugulo sa buhay iglesia. Ang paggawa ng ganitong mga kilos ay nakabubuti sa buhay pagpasok ng mga kapatid. Ang ilang tao ay nagpapakita ng mga parehong pag-uugali, pero hindi naman malubha ang sitwasyon at hindi nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan; ito ay simpleng normal na pakikisalamuha sa pagitan ng mga kapatid, normal na pagtulong at pagkonsulta sa isa't isa para sa impormasyon, o pag-uusisa tungkol sa pangkaraniwang kaalaman na hindi nila nauunawaan. Hangga't hindi nito ginagamit ang oras ng mga pagtitipon, at hangga't ang magkabilang panig ay parehong payag at handang gawin ito nang hindi pinipilit ang isa't isa, at isa itong pakikipag-ugnayan na nakapaloob sa saklaw ng normal na pagkatao, kung gayon, ito ay pinahihintulutan at hindi ito lilimitahan ng iglesia. Pero may isang problema lang: Kung ang hindi maingat na pananalita at mga kilos ng isang tao sa buhay iglesia ay nagdudulot ng ligalig o kaguluhan sa mga kapatid, at nasusuklam ang ilang tao dahil dito at nagpahayag sila ng kanilang mga pagtutol, kung gayon, dapat umaksiyon ang mga lider at manggagawa para lutasin ang isyung ito. O kaya naman, kung iniulat na ng

iba ang isang tao, sinasabi na hindi nakikipagbahaginan ng mga salita ng Diyos ang taong ito sa mga panahon ng pagtitipon, bagkus ay nagdadaldal tungkol sa kanyang mga usapin sa tahanan at bumubuo ng mga personal na koneksiyon, itinuturing na lugar para sa pagbuo ng mga personal na koneksiyon at pag-aasikaso ng mga personal na usapin ang lugar ng pagtitipon, humihingi ng mga pabor sa iba at sinasamantala ang sinumang puwede niyang samantalahin; at sinasabi na ang taong ito ay may mababang karakter, makasarili, kasuklam-suklam, at ubod ng sama, at hindi naghahangad sa katotohanan kundi naghahanap ng mga kalamangan kahit saan, naghahanap ng iba't ibang oportunidad para sa sarili niyang pakinabang, kung gayon, dapat ibukod ang gayong tao.

Sinasamantala ng ilang indibidwal ang ilang mayaman at maimpluwensiyang kapatid para magawa ang mga bagay-bagay para sa kanila, at kung hindi natutugunan ang kanilang mga kahilingan, madalas nilang hinuhusgahan ang mga ito kapag nakatalikod ang mga ito, sinasabi na walang pagmamahal at hindi tunay na mananampalataya ang mga taong ito, at gusto pa nga nilang iulat ang mga ito. Nakatagpo na ba kayo ng mga gayong indibidwal? Hindi ba't dapat harapin ang mga gayong tao? Kapag nahaharap sa mga gayong sitwasyon, ano ang dapat gawin? Dapat kumilos ang mga lider at manggagawa para lutasin ang isyu, kumikilos nang naaayon sa mga prinsipyo, para tiyakin na hindi nagugulo ang mga kapatid. Mali ba na tumanggi ang isang tao na gawin ang isang bagay para sa kanila? Ang hindi ba pagtulong sa kanila ay katumbas ng hindi pagsasagawa sa katotohanan o ng kawalan ng pagmamahal sa Diyos? (Hindi.) Malayang gawin ng isang tao kung nais ba niyang tulungan ang iba; may karapatan siyang pumili. Hindi itinatakda ng sambahayan ng Diyos na dapat magtulungan ang mga kapatid sa paglutas ng mga suliraning pampamilya sa loob ng buhay iglesia. Ang buhay iglesia ay hindi isang lugar para sa paglutas ng mga problema sa pamilya, kundi isa itong lugar ng pagtitipon para sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at paglago sa buhay. Ginagamit ng ilang tao ang buhay iglesia para lutasin ang sarili nilang mga problema—anong mga kahihinatnan ang maaaring idulot nito? Hindi ba't nakakaapekto ito sa pagkain at pag-inom ng hinirang na mga tao ng Diyos ng salita ng Diyos at sa pagsangkap nila ng katotohanan sa kanilang sarili? Maaaring lutasin nang pribado ang mga personal na problema sa buhay kasama ang mga kapatid; hindi na kailangang dalhin ang mga ito sa buhay iglesia para lutasin. Dapat malaman ng lahat kung ano ang mga kahihinatnang lumilitaw kapag nakakasagabal sa pamumuhay ng buhay iglesia ng hinirang na mga tao ng Diyos ang pag-aasikaso sa mga personal na usapin. Kapag natuklasan ng mga lider at manggagawa ang mga gayong usapin, dapat silang kumilos para lutasin ang mga ito. Dapat nilang protektahan ang mga nasa iglesia na kayang gumawa nang normal sa mga tungkulin, protektahan ang mga tunay na naghahangad sa katotohanan, limitahan ang masasamang tao, at pigilan ang mga ito sa pagkamit ng kanilang mga pakay. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Dapat magkaroon ng mga malinaw na pagkakaiba patungkol sa kung paano tinatrato ang mga

normal na kaso ng ikatlong isyu, kung anong mga pagpapamalas ang may malubhang kalikasan o may malulubhang kalagayan, at kung aling mga klase at mga pagpapamalas ang maituturing na mga paggambala at panggugulo. Kapag malinaw nang natukoy ang kalubhaan ng isang pangyayari, dapat itong pangasiwaan ayon sa kalikasan nito. Ito ay isang bagay na dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa, at ito rin ay isang bagay na dapat maarok ng lahat.

IV. Pagpapangkat-pangkat

Ang ikaapat na pagpapamalas ng paggambala at panggugulo sa buhay iglesia ay ang pagpapangkat-pangkat, na may napakalubhang kalikasan. Anong mga pag-uugali ang katumbas ng pagpapangkat-pangkat? Kung ang dalawang taong nananampalataya sa Diyos ay magkasingtagal na bilang mga mananampalataya, may magkaparehong edad, sitwasyong pampamilya, mga interes, mga personalidad, at iba pa, at nagkakasundo sila, madalas na magkatabi sa mga pagtitipon, at malapit na magkakilala, maituturing ba ito na pagpapangkat-pangkat? (Hindi.) Isa itong karaniwang penomeno ng normal na pakikipag-ugnayan ng mga tao, na hindi nagdudulot ng anumang kaguluhan sa iba; samakatwid, hindi ito itinuturing na pagpapangkat-pangkat. Kung gayon, ano ang tinutukoy ng pagpapangkat-pangkat, gaya ng nabanggit dito? Halimbawa, sa limang kapatid na magkakasamang nagtitipon, tatlo ang mga manggagawa sa lungsod at dalawa ang magsasaka sa kanayunan. Madalas na magkakasama ang tatlong manggagawa sa lungsod, pinag-uusapan kung paanong ang buhay ay mas maganda sa siyudad at mas masahol sa kanayunan, kung saan ang mga tao ay hindi nakakapag-aral, walang malawak na pananaw, at magandang asal. Minamata nila ang mga taong mula sa kanayunan, palaging minamaliit ang dalawang indibidwal na mula sa kanayunan, na nakakaramdam naman ng pagkaagrabyado at gustong kontrahin sila, sinasabi na ang mga taga-siyudad ay mapamuna at kinakalkula ang bawat detalye, samantalang ang mga tao mula sa kanayunan ay mapagbigay. Sa mga pagtitipon, silang lima ay tila hindi nagkakasundo kailanman, madalas na humahantong sa mga di-kinakailangang pagtatalo at debate. Nagkakasundo ba nang maayos ang limang ito? Nagkakaisa ba sila sa salita ng Diyos? Magkakaayon ba sila sa isa't isa? (Hindi.) Kapag palaging sinasabi ng mga taga-siyudad na "kaming mga taga-siyudad" at palaging sinasabi ng mga tao sa kanayunan na "kaming mga taga-kanayunan," ano ang ginagawa nila? (Nagpapangkat-pangkat.) Ito ang ikaapat na isyu na ating pagbabahaginan: ang pagpapangkat-pangkat. Ang ganitong pag-uugali ng pagpapangkat-pangkat ay nangangahulugan ng pagbubuo ng mga grupo at paksiyon. Ang pagbubuo ng iba't ibang barkadahan, mga paksiyon, at iba pang panloob na grupo batay sa rehiyon, kondisyon sa ekonomiya, at panlipunang uri, pati sa magkakaibang pananaw, ay katumbas ng pagpapangkat-pangkat. Sinuman ang namumuno sa mga pangkat na ito, sa loob ng iglesia, ang pagkakabuo ng iba't ibang barkadahan at mga paksiyon, at ang pagkakabuo ng mga hindi magkakaayon na barkadahan, ay pawang penomeno ng pagpapangkat-pangkat. Sa ilang lugar, ang isang

buong angkan ay nananampalataya sa Diyos, at sa isang lugar ng pagtitipon, maliban sa dalawang tao na may magkaibang apelyido, ang natitira ay nabibilang sa kanilang sariling pamilya. Pagkatapos, bumubuo ang pamilyang ito ng isang paksiyon o barkadahan, na ginagawang tagalabas ang dalawang tao na may magkaibang apelyido. Kung sinuman sa pamilyang ito ang nahaharap sa anumang isyu o ang pinupungusan, kung may isang tao na nagpapahayag ng mga hinaing, ang iba ay sumasali para ipahayag ang parehong sentimyento. Kung may sinuman na kumikilos laban sa mga prinsipyo, pinagtatakpan siya ng iba at itinatago ang kanyang mga kilos, pinagbabawalan ang sinuman na ilantad siya; kahit ang katiting na pagbanggit tungkol sa isyung ito ay hindi katanggap-tanggap, lalo na ang pagpupungos. Ano ang problema rito? Kaya mo ba itong kilatisin? Kapag nagtitipon-tipon ang mga miyembro ng pamilyang ito, para bang lahat sila ay umaawit sa iisang tono at nang sabay-sabay, inoobserbahan nila ang sitwasyon at nakikinig sa mga pahiwatig bago sila magsalita. Kung nagkakaroon ng partikular na paninindigan ang pasimuno ng kanilang grupo, ang lahat ng iba ay sumusunod, at hindi nangangahas ang iba na galitin sila o magpahayag ng mga pagtutol. Hindi ba't ang paglitaw ng penomenong ito sa buhay iglesia ay katumbas ng mga paggambala at panggugulo sa normal na kaayusan ng iglesia? Ang mga tao sa barkadahang ito ang nagdidikta kung aling mga sipi ng mga salita ng Diyos ang kakainin at iinumin sa mga pagtitipon, at dapat makinig ang lahat; maging ang mga lider ng iglesia ay dapat magbigay-galang sa kanila at hindi puwedeng tumutol. Idinedeklara nila kung sino ang dapat mahalal bilang mga lider at manggagawa, at dapat ituring ng mga lider ng iglesia ang kanilang opinyon bilang ang pinakamahalaga at hindi ito balewalain. Kasabay nito, patuloy silang nanghihikayat ng mga "talento," hinihila ang mga handang makinig sa kanila, iyong mga puwede nilang pagkatiwalaan, at iyong may silbi sa kanila sa kanilang grupo para gamitin sa mga layon ng grupo, patuloy na pinalalawak ang kanilang impluwensiya. Ang pangkat na ito ay naglalayong kontrolin ang buhay iglesia; nais kontrolin ng pasimuno nila ang iglesia. Ang grupong ito ay may malaking kapangyarihan; sila ay nagkakaisa para kumilos sa loob ng iglesia. Anuman ang mangyari sa iglesia, gusto nilang makilahok. Dapat basahin ng iba ang kanilang mga ekspresyon bago magsalita o mangasiwa ng anumang bagay ang mga ito, maging hanggang sa punto na dapat sumunod sa kanilang mga pagsasaayos at kahilingan ang nilalaman ng bawat pagtitipon para sa pagkain at pag-inom. Kahit na may gustong gawin ang mga lider ng iglesia, dapat munang kumonsulta ang mga ito sa kanilang mga opinyon at makinig sa kanilang mga ideya. Karamihan ng kapatid ay kontrolado nila, at maraming usapin ng gawain ng iglesia ang nasa ilalim din ng kanilang kontrol. Ang mga taong ito na nagpapangkat-pangkat ay lubhang nakakagambala at nakakagulo sa buhay iglesia at sa gawain ng iglesia. Seryoso ba ang isyung ito? Dapat bang limitahan ang mga kilos na ito? Dapat bang harapin ang mga ito? Dapat limitahan at paalisin o patalsikin ang mga pasimuno ng mga pangkat na ito, habang ang mga naguguluhang indibidwal na bulag na sumusunod ay dapat munang mabigyan ng pagbabahaginan at tulong. Kung

hindi sila magsisisi o magbabago ng landas, dapat silang limitahan. Huwag silang bigyan ng anumang paggalang!

Ano ang katumbas ng pagpapangkat-pangkat—madali bang unawain ito? Kung may isang tao na nagbanggit ng isang isyu at maraming iba pa ang sumasang-ayon sa kanyang opinyon, itinuturing ba iyon na pagpapangkat-pangkat? (Hindi.) Kung ang ilang kapatid, na medyo may mas malaking pasanin at pagpapahalaga sa katarungan, ay nanghihikayat ng iba na samahan sila sa pagtatapos ng isang mahalagang gampanin, o kung, para sa layon ng pagkakamit ng mga resulta sa isang pagtitipon at ng magawang maunawaan ang katotohanan at mga layunin ng Diyos sa isang makabuluhang paksa, pinamumunuan nila ang lahat sa pagbabahaginan, at sumusunod ang lahat sa kanilang pananaw sa pakikipagbahaginan at pagdarasal-pagbabasa ng mga salita ng Diyos, maituturing ba ito na pagpapangkat-pangkat? (Hindi.) Sa iglesia, sinong mga tao ang may tendensiyang magpangkat-pangkat? Anong uri ng pag-uugali ang katumbas ng pagpapangkat-pangkat? (Ang ilang tao na pinagtatakpan at kinukunsinti ang isa't isa, o nakikibahagi sa inggitan at alitan, na pawang gumagambala at gumugulo sa gawain ng iglesia—ito ay pagpapangkat-pangkat.) Ito ay isang aspekto. Ano ang pangunahing punto rito? Ang pagtatakip para sa isa't isa at pangungunsinti ay humahantong sa mga pagkagambala at kaguluhan; ang pagkaalam na ang paggawa ng isang bagay ay mali at hindi tumutugma sa mga katotohanang prinsipyo, pero sinasadya pa ring itago ito, gumagawa ng mga nakalilinlang na argumento, at hindi sinasabi ang katotohanan, mas pinipili pang sirain ang gawain ng iglesia at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos para lang maprotektahan ang dangal at katayuan ng isang tao, at pinagtatakpan ang mga gumagawa ng kasamaan at nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan kapalit ng pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos—ito ay pagpapangkat-pangkat. Ang isa pang senaryo ay ang pang-uudyok at panghihimok sa mga tao na sama-samang kontrahin ang mga pagsasaayos ng sambahayan ng Diyos. Likas itong malubha, ito ay isang uri din ng paggambala at panggugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Ano ang pangunahing layon ng pagpapangkat-pangkat? Ito ay para kontrolin ang iglesia at ang hinirang na mga tao ng Diyos.

Mayroon ding isang uri ng pagpapangkat-pangkat na may kinalaman sa mga taong matamis magsalita sa mga tao para makuha ang loob ng iba't ibang klase ng indibidwal. Sa panlabas, tila ang lahat sa ganitong uri ng barkadahan ay nakakapagsalita nang malaya at nakakapagpahayag ng sarili nilang mga opinyon. Gayumpaman, kung titingnan ang mga panghuling resulta, makikita mo na sa katunayan, sila ay sumusunod sa pangunguna ng kung ano ang sinasabi ng isang tao—ang taong iyon ang kanilang sinusundan. Kaya, paano nahihikayat ng taong iyon ang iba na pumanig sa kanya? Nakikita niya kung sino ang kaya niyang mahikayat at kung sino ang madaling mahikayat, at ginagawan niya ang mga ito ng maliliit na pabor, nagbibigay siya ng kaunting mapagmahal na pagtulong sa mga ito. Pagkatapos, nangangalap siya ng impormasyon tungkol sa mga taong ito, inaalam niya kung ano ang gusto ng mga ito, kung paano

gustong makipag-usap ng mga ito, ang mga personalidad at mga libangan ng mga ito. Kasabay nito, madalas siyang sumasang-ayon sa mga taong ito sa usapan para makuha ang loob ng mga ito, at sa huli, unti-unti niyang “iniimpluwensiyahan” ang mga ito, hindi namamalayan ng mga ito na ipinapasok niya ang mga ito sa kanyang pangkat at pinapasali sa kanyang hanay. Sa pangkalahatan, ang pagsasalita ng matamis sa mga tao upang makuha ang kanilang loob ay isang napakabanayad na pamamaraan, puno ito ng “pagmamalasakit sa tao,” at napakaepektibo nito. Halimbawa, kung may isang tao na regular na nagpapakita ng pagmamahal sa ibang tao, sumasang-ayon sa taong ito sa usapan, at nagpapakita ng pag-unawa at pagtitimpi rito, hindi namamalayang magkakaroon ng magandang impresyon ang taong iyon sa kanya at mapapalapit sa kanya, at pagkatapos ay mapapasama ito sa kanyang puwersa. Sa anong mga sitwasyon nagiging epektibo ang mga gayong barkadahan at paksiyon? Sa sandaling ang isa sa kanilang mga masugid na tagasunod ay malantad, makaramdam na naagrabyado, o kapag nagulo o napinsala ang mga interes, katayuan, o reputasyon ng taong ito dahil sa isang bagay o isang tao sa labas ng kanilang paksiyon, ang ganitong uri ng tao ay titindig upang magsalita para sa tagasunod na ito, ipinaglalaban ang kanyang mga interes at karapatan—ito ay ang kanilang pagpapangkat-pangkat. Ang dalawang halatang uri ng pagpapangkat-pangkat ay ang pagtakpan at kunsintihin ang mga tao, at ang sama-samang pagkontra. Gayumpaman, ang pagpapangkat-pangkat sa pamamagitan ng matamis na pagsasalita ay tila hindi kasinglakas ng dalawang uri na nabanggit na, at ang mga miyembro ng mga gayong pangkat ay kadalasang hindi napapansin sa loob ng iglesia. Ngunit kapag panahon na para gumawa ng pasya ang mga tao, na magkaroon ng malinaw na paninindigan, nagiging napakalinaw ng mga gayong paksiyon. Halimbawa, kung sasabihin ng isang pasimuno ng isang paksiyon na may kakayahan ang partikular na lider ng iglesia, agad na magbibigay ang kanyang mga tagasunod ng maraming halimbawa kung paano ipinapakita ng lider na iyon ang kakayahang ito. Kung sasabihin ng pasimuno ng paksiyon na walang kapabilidad sa gawain ang lider ng iglesia, na may mahinang kakayahan at masamang pagkatao ito, susunod naman ang ibang mga miyembro, nagsasalita tungkol sa kung paanong walang kakayahan ang lider ng iglesiang iyon, kung paanong hindi nito magawang makipagbahaginan sa katotohanan, kung paanong nagsasabi ito ng mga salita at doktrina, at sa halip ay sasabihin nila na dapat pumili ang lahat ng tamang tao. Isa itong di-nakikitang klase ng pangkat. Bagama’t hindi sila hayagang kumikilos para umangkin ng kapangyarihan at kontrolin ang mga tao sa iglesia, mayroong isang di-nakikitang puwersa sa loob ng mga gayong paksiyon at barkadahan na kumokontrol sa buhay iglesia at sa kaayusan ng iglesia. Isa itong mas nakakatakot at nakatagong uri ng pagpapangkat-pangkat. Bukod sa naunang nabanggit na dalawang sitwasyon ng pagpapangkat-pangkat na madaling kilatisin, na mga problemang dapat lutasin ng mga lider ng iglesia, ang ganitong nakatagong uri ng pagpapangkat-pangkat ay isang problema na lalong dapat lutasin at asikasuhin ng mga lider ng iglesia. Paano nila ito dapat gawin? Kailangan nilang direktang harapin ang

pasimuno ng ganitong uri ng barkadahan sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan. Bakit kailangang tutukan muna ang pakikipagbahaginan sa pasimunong ito? Sa panlabas, tila hindi naman kontrolado ng sinuman ang mga miyembro ng gayong pangkat, pero ang totoo, alam nilang lahat sa kaibuturan nila kung sino nga ba ang sinusunod nila, at nais nilang sumunod sa taong iyon. Kaya naman, ang taong iniidolo nila at kumokontrol sa kanila ay dapat pangasiwaan at harapin, at dapat makipagbahaginan sa kanya sa katotohanan para maunawaan niya ang kalikasan ng kanyang mga kilos. Bagama't maaaring hindi hayagang kumontra ang pasimuno sa sambahayan ng Diyos o tumutol laban sa mga lider, kontrolado pa rin niya ang karapatan ng mga taong ito na magsalita, ang kanilang mga kaisipan, pananaw, at ang landas na sinusunod nila. Isa siyang tagong anticristo. Ang mga gayong indibidwal ay dapat tukuyin, at pagkatapos ay kilatisin at himayin. Kung hindi sila magsisisi, dapat silang limitahan at ibukod. Pagkatapos, dapat siyasatin ang bawat miyembro nila para makita kung sino sa mga ito ang katulad nila. Una, ihiwalay ang mga indibidwal na ito, at pagkatapos, makipagbahaginan sa mga taong naguguluhan na mga matatakutin, duwag, at nalihis. Kung kaya nilang magsisi at isuko ang pagsunod sa anticristo, maaari silang manatili sa iglesia; kung hindi, dapat silang ibukod. Angkop ba ang ganitong pamamaraan? (Oo.) Umiiral ba ang ganitong penomeno sa loob ng iglesia? Dapat bang malutas ang ganitong uri ng isyu? (Dapat itong malutas.) Bakit dapat itong malutas? Simula nang ipalaganap ng sambahayan ng Diyos ang ebanghelyo, ang mga puwersa ng mga anticristo ay nasa lahat na ng dako sa buhay iglesia, at marami na sa hinirang na mga tao ng Diyos ang naapektuhan, napigilan, o nakontrol ng mga puwersang ito sa iba't ibang antas. Sa tuwing nagsasalita o kumikilos ang mga taong ito, wala sila sa kalagayan ng kalayaan at liberasyon, bagkus, sila ay naaapektuhan, naiimpluwensiyahan, nakokontrol, at nakukulong ng mga kaisipan at pananaw ng ilang indibidwal. Napipilitan ang mga taong ito na magsalita at kumilos sa mga partikular na paraan; kung hindi nila gagawin iyon, nag-aalala at natatakot sila na pasanin ang mga kahihinatnang lumilitaw. Hindi ba't naapektuhan at nagulo nito ang buhay iglesia? Isa ba itong pagpapamalas ng normal na buhay iglesia? (Hindi.) Ang ganitong uri ng buhay iglesia ay hindi normal na kaayusan kundi kontrolado ito ng masasamang tao. Hangga't may hawak na kapangyarihan ang masasamang tao sa iglesia, hindi ang salita ng Diyos o ang katotohanan ang naghahari doon. Ang mga lider, manggagawa, at mga kapatid na nakakaunawa sa katotohanan ay maaapi. Ang gayong iglesia ay kontrolado ng mga puwersa ng mga anticristo. Isa rin itong isyu at penomeno ng gawain ng Diyos at ito ang normal na kaayusan ng iglesia na nagagambala at nagugulo, na dapat harapin at lutasin ng mga lider at manggagawa. May ilang taong nasa barkadahan ng isang anticristo ang natatakot mawalan ng tiwala ng kanilang barkadahan, mawalan ng mga tagasuporta, mawalan ng mga kaibigan, at mawalan ng suporta sa oras ng pangangailangan, at iba pa. Kaya naman, ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya para manatili sa barkadahan. Hindi ba't malubha ang sitwasyong ito? Hindi ba't dapat itong malutas? (Oo.) Kapag lumilitaw ang ganitong uri ng sitwasyon

sa loob ng iglesia, nararamdaman ba ito ng karamihan ng tao? Nakikilatis ba ito ng karamihan? May ilang tao na kontrolado ng isang tao nang hindi nila namamalayan, palagi nilang kailangang sumunod sa mga kaisipan at pananaw ng taong iyon, sa mga pahayag at kilos nito, at sa mga turo nito, at natatakot silang magsabi ng “hindi” o kumontra sa taong iyon, at kailangan pa nga nilang di-sinserong tumango bilang pagsang-ayon at ngumiti kapag ang taong iyon ay nagsasalita, dahil sa takot na mapasama ang loob nito. Umiiral ba ang ganitong mga sitwasyon? Ano nga ba ang problemang dapat lutasin dito? Dapat harapin at pangasiwaan ng mga lider ng iglesia ang anticristong pinuno na iyon na may kakayahang manlihis at kumontrol sa iba. Una, dapat nilang pagbahaginan ang katotohanan para mabigyang-kakayahan ang karamihan ng tao na makilatis ang anticristong ito, pagkatapos, limitahan ang anticristong ito mismo. Kung hindi magsisisi ang anticristo, dapat siyang paalisin kaagad para mapigilan siyang makapagpatuloy sa panggugulo sa normal na kaayusan ng iglesia.

Sa pagbubuod, sa normal na buhay iglesia, dapat malaya at walang pagpipigil na makapagbahaginan ang mga kapatid sa mga salita ng Diyos, pati na sa kanilang mga personal na kabatiran, pag-unawa, karanasan, at mga paghihirap. Siyempre, dapat din silang magkaroon ng karapatan na magbigay ng mga suhestiyon, magpuna, at maglantad sa anumang kilos ng mga lider at manggagawa na lumalabag sa mga prinsipyo, habang nagkakaroon din ng karapatan na magbigay ng tulong at payo. Lahat ng ito ay dapat libre, at lahat ng aspektong ito ay dapat normal; hindi sila dapat kontrolado ng sinumang indibidwal, na nagsasanhing mapigilan ang hinirang na mga tao ng Diyos—hindi iyon magiging normal na buhay iglesia. Ang sambahayan ng Diyos ay mayroong mga hinihingi, panuntunan, at prinsipyo tungkol sa kung paano dapat magsalita, kumilos, at umasal ang mga kapatid, at kung paano sila dapat magtatag ng mga normal na ugnayan sa mga tao sa buhay iglesia, at iba pa, at ang mga bagay na ito ay hindi itinatakda ng sinumang indibidwal. Kapag may ginagawang isang bagay ang mga kapatid, hindi nila kailangang tingnan ang ekspresyon ng sinumang indibidwal, hindi nila kailangang sundin ang anumang utos ng sinuman o magpapigil sa kahit kanino. Walang sinuman ang dapat magsilbing tagagabay o timonero; ang tanging makapagbibigay ng direksiyon ay ang salita ng Diyos, ang katotohanan. Samakatwid, ang dapat sundin ng hinirang na mga tao ng Diyos ay ang salita ng Diyos, ang katotohanan, at ang mga prinsipyo ng pagbabahaginan sa katotohanan sa mga pagtitipon. Kung palagi kang napipigilan ng ibang tao, palaging sumusunod sa kanyang mga pahiwatig, at hindi ka na naglalakas-loob na magsalita kapag nakikita mo na ang kanyang mukha ay hindi nasisiyahan o kaya ay nakasimangot, kung palagi kang nalilimitahan ng taong iyon habang nakikipagbahaginan sa mga salita ng Diyos at sa iyong mga personal na pagkaunawang batay sa karanasan, palaging nakakaramdam ng pagpipigil, hindi kayang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at kung ang mga salita, hitsura, ekspresyon sa mukha, tono ng boses, at mga ipinahihiwatig na pagbabanta sa kanyang pananalita ay palaging gumagapos sa iyo, kung gayon, ikaw ay kinokontrol sa loob ng

isang pangkat na pinamumunuan ng taong ito. Problema ito; hindi ito buhay iglesia, kundi buhay ng isang paksiyon na pinamumunuan ng isang anticristo. Pagdating sa ganitong uri ng isyu, dapat kumilos ang mga lider at manggagawa para lutasin ito, at may obligasyon at karapatan din ang mga kapatid na ipagtanggol ang normal na kaayusan ng iglesia. Ang mga gumagambala at gumugulo sa buhay iglesia, lalo na iyong mga nagpapangkat-pangkat at nagnanais na kontrolin ang iglesia, ay dapat pigilan, ilantad, at himayin, binibigyang-daan na magkaroon ng pagkilatis ang lahat at malinaw na makaunawa sa diwa ng problema—ang pagtatangkang magtatag ng isang nagsasariling kaharian. Hindi pinahihintulutan ng iglesia ang pagpapangkat-pangkat at paghahati-hati ng iglesia sa anumang dahilan. Halimbawa, ang paghahati-hati sa mga barkadahan batay sa pagkakakilanlan at katayuang panlipunan, mga komunidad, rehiyon, o panrelihiyong denominasyon, o batay sa antas ng pinag-aralan, kayamanan, lahi, at kulay ng balat, at iba pa—ang lahat ng ito ay labag sa mga katotohanang prinsipyo at hindi dapat mangyari sa iglesia. Anuman ang dahilan na ginamit sa paghahati-hati sa mga tao sa mga herarkiya, ranggo, paksiyon, at pangkat na ito, magagambala at magugulo nito ang gawain ng iglesia at ang normal na kaayusan ng buhay iglesia, at isa itong isyu na dapat lutasin kaagad ng mga lider at manggagawa. Sa madaling salita, kahit ano pa ang dahilan ng paghahati-hati sa mga tao sa mga pangkat, paksiyon, o barkadahan, kung nakapag-ipon sila ng partikular na puwersa, at nagdudulot sila ng kaguluhan sa gawain ng iglesia at sa kaayusan ng buhay iglesia, dapat silang pigilan at limitahan. Kung hindi mapapahinto ang mga miyembro ng mga gayong pagpapangkat-pangkat, maaaring ibukod at paalisin ang mga taong ito na gumagawa ng masama. Ang pangangasiwa sa mga isyung ito ay bahagi rin ng gawain at mga responsabilidad na dapat gampanan ng mga lider at manggagawa. Kaya, ano ang dapat maunawaan dito? Ito ay na kapag nakabuo ang ilang tao ng mga puwersa sa iglesia, at may kakayahan silang labanan at kontrahin ang mga lider ng iglesia, ang gawain ng iglesia, at ang mga salita ng Diyos, at may kakayahan silang guluhin at sirain ang normal na kaayusan ng buhay iglesia, dapat limitahan at pangasiwaan kaagad ang mga gayong pag-uugali, pagpapamalas, at sitwasyon. Walang pagkakaiba batay sa bilang ng mga taong sangkot pagdating sa pagpapangkat-pangkat. Kung ang dalawang tao ay nagkakasundo at hindi nagdudulot ng anumang kaguluhan sa iglesia, hindi na kailangang makialam. Gayumpaman, kapag nagsimula na silang magdulot ng mga kaguluhan at bumuo ng puwersa para kontrolin ang iglesia, dapat pigilan at limitahan ang mga indibidwal na ito. Kung hindi sila magsisisi, dapat silang paalisin o patalsikin kaagad. Ito ang prinsipyo.

Mayo 22, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (14)

Gaano katagal na tayong nagbabahaginan tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Apat at kalahating buwan.) Matapos magbahaginan tungkol dito sa loob ng napakahabang panahon, medyo mas malinaw na ba ang pagkaunawa ninyo sa partikular na gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa? (Oo, medyo mas malinaw na ang pagkaunawa namin dito.) Mas malinaw na ito dapat kaysa dati. Napakapartikular at napakalinaw ng pagbabahagi Ko na kung mayroon pa ring hindi nakakaunawa, ibig sabihin nito ay may kakulangan siya sa pag-iisip, hindi ba? (Oo.) Kung titingnan ito ngayon, sa tingin ninyo, madali bang maging isang mabuting lider o manggagawa? (Hindi ito madali.) Anong mga katangian ang kinakailangan? (Kailangang taglay ng isang tao ang kakayahan at pagkataong kinakailangan para sa mga lider o manggagawa, gayundin ang katotohanang realidad, at ang pagpapahalaga sa responsabilidad.) Dapat mayroon man lang konsensiya, katwiran, at katapatan ang isang tao, at kasunod nito, kakayahan at kapabilidad sa gawain. Kapag taglay ng isang tao ang lahat ng katangiang ito, maaari siyang maging isang mabuting lider o manggagawa at matutupad niya ang kanyang mga responsabilidad.

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikalawang Bahagi)

Noong huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalabindalawang aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon." Sa loob ng aytem na ito, nagbahaginan muna tayo tungkol sa kung anong mga tao, pangyayari, at bagay ang nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Kung nais ng mga lider at manggagawa na pigilan at limitahan ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa loob ng iglesia, at gusto nilang gampanan nang maayos ang gawaing ito, dapat muna nilang malaman at matukoy kung aling mga tao, pangyayari, at bagay ang nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Pagkatapos niyon, dapat nilang itugma ang

mga ito sa mga tao, pangyayari, at bagay na nasa aktuwal na gawain ng iglesia at buhay iglesia, at pagkatapos ay isagawa ang iba't ibang gampanin gaya ng pagpipigil at paglilimita sa mga ito. Isa itong hinihingi sa mga lider at manggagawa. Sa huling pagtitipon natin, nagbahaginan tayo tungkol sa ilan sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng iglesia at sa buhay iglesia, simula sa mga may kinalaman sa buhay iglesia. Ikinategorya rin natin ang mga tao, pangyayari, at bagay sa buhay iglesia na likas na nakagagambala at nakagugulo sa mga ito. Ilan lahat ang mga isyung naroon? (Labing-isa. Una, madalas na paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan; pangalawa, pagsasabi ng mga salita at doktrina para ilihis ang mga tao at makuha ang kanilang pagpapahalaga; pangatlo, pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin; pang-apat, pagpapangkat-pangkat; panglima, pakikipag-agawan para sa katayuan; pang-anim, paghahasik ng alitan; pampito, pag-atake at pagpapahirap sa mga tao; pangwalo, pagpapakalat ng mga kuru-kuro; pansiyam, pagbubulalas ng pagkanegatibo; pansampu, ang pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis; at panlabing-isa, ang paglabag sa mga prinsipyo ng halalan.) Ang ikaanim na isyu ay paghahasik ng alitan, na likas na nagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan, pero kung ikukumpara sa ibang masasamang gawa, maliit na problema ito. Palitan ito ng "pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan," at mas malubha ang kalikasan nito kaysa sa paghahasik ng alitan. Ang ikapitong isyu ay ang pag-atake at pagpapahirap sa mga tao. Palitan iyon ng "pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa"—hindi ba't mas malubha ang kalikasan nito, at mas partikular at akma? (Oo.) Ang pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa ay isang pangkaraniwang uri ng problema na nangyayari sa buhay iglesia na nauugnay sa mga paggambala at panggugulo. Sa pamamagitan ng pagbabago sa dalawang isyung ito sa ganitong paraan, nagiging mas angkop at mas malapit ang mga ito sa mga problemang lumilitaw sa buhay iglesia. Ang ikalabing-isang isyu ay ang paglabag sa mga prinsipyo ng halalan. Palitan ito ng "pagmamanipula at paggambala sa mga halalan." Ito ay simpleng pagbabago sa mga salita; nananatiling pareho ang kalikasan nito, sadyang mas tumindi lang ang antas—mas nauugnay na ito ngayon sa kalikasan ng pagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan.

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

V. Pakikipag-agawan Para sa Katayuan

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo hanggang sa ikaapat na isyu, ang pagpapangkat-pangkat. Sa pagkakataong ito, pagbabahaginan naman natin ang ikalimang isyu, ang pakikipag-agawan para sa katayuan. Ang usapin ng pakikipag-agawan para sa katayuan ay isang problema na madalas na lumilitaw sa buhay iglesia at isa itong bagay na hindi bihirang makita. Anong mga kalagayan, pag-uugali, at pagpapamalas ang nabibilang sa

pagsasagawa ng pakikipag-agawan para sa katayuan? Anong mga pagpapamalas ng pakikipag-agawan para sa katayuan ang nabibilang sa problema ng paggambala at panggugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia? Anuman ang isyu o kategoryang pinagbabahaginan natin, dapat itong tumukoy sa ipinapahayag sa ikalabindalawang aytem, tungkol sa “iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia.” Dapat itong umabot sa antas ng paggambala at panggugulo, at dapat tumukoy ito sa kalikasang ito—saka lang ito magiging karapat-dapat sa pagbabahaginan at paghihimay. Anong mga pagpapamalas ng pakikipag-agawan para sa katayuan ang nauugnay sa kalikasan ng paggambala at panggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos? Ang pinakakaraniwan ay ang pakikipag-agawan ng mga tao sa mga lider ng iglesia para sa katayuan, na pangunahing namamalas sa kanilang pagsasamantala sa ilang bagay tungkol sa mga lider at sa mga pagkakamali ng mga ito para siraan at kondenahin ang mga ito, at sadyang paglalantad sa kanilang mga pagbubunyag ng katiwalian at mga kabiguan at kakulangan sa kanilang pagkatao at kakayahan, lalo na pagdating sa mga paglihis at pagkakamaling nagawa nila sa kanilang gawain o kapag pinapangasiwaan nila ang mga tao. Ito ang pinakakaraniwang nakikita at ang pinakalantarang pagpapamalas ng pakikipag-agawan sa mga lider ng iglesia para sa katayuan. Dagdag pa rito, walang pakialam ang mga taong ito sa kung gaano kahusay na ginagawa ng mga lider ng iglesia ang kanilang gawain, kung kumikilos man ang mga ito nang naaayon sa mga prinsipyo o hindi, o kung may mga isyu man o wala sa pagkatao ng mga ito, at sadyang mapanlaban sila sa mga lider na ito. Bakit sila mapanlaban? Dahil gusto rin nilang maging lider ng iglesia—ito ang ambisyon nila, ang pagnanais nila, at kaya mapanlaban sila. Paano man gumagawa o nangangasiwa sa mga problema ang mga lider ng iglesia, palaging sinasamantala ng mga taong ito ang mga bagay tungkol sa mga ito, hinuhusgahan at kinokondena ang mga ito, at masyado pa nga nilang pinapalaki ang mga bagay-bagay, binabaluktot nila ang mga katunayan, at ginagawa nilang labis-labis ang mga bagay hangga’t posible. Hindi nila ginagamit ang mga pamantayan na hinihingi ng sambahayan ng Diyos sa mga lider at manggagawa para sukatin kung kumikilos ba ang mga lider na ito nang ayon sa mga prinsipyo, kung mga tamang tao ba ang mga ito, kung ang mga ito ba ay mga taong naghahangad sa katotohanan, at kung mayroon bang konsensiya at katwiran ang mga ito. Hindi nila sinusuri ang mga lider nang ayon sa mga prinsipyong ito. Sa halip, batay sa sarili nilang mga intensiyon at pakay, palagi silang nagbubusisi at nag-iimbento ng mga reklamo, naghahanap ng mga bagay na gagamitin laban sa mga lider o manggagawa, nagpapakalat ng mga tsismis kapag nakatalikod ang mga ito tungkol sa mga bagay na ginagawa ng mga ito na hindi naaayon sa katotohanan, o inilalantad ang mga pagkukulang ng mga ito. Halimbawa, maaaring sabihin nila na: “Ang lider na si Ganito-at-ganyan ay nakagawa ng pagkakamali minsan at pinungusan siya ng ang Itaas, at wala sa inyo ang nakaalam tungkol dito. Kita na ninyo, napakahusay niyang magpanggap!”

Hindi nila isinasaalang-alang at wala silang pakialam kung target bang linangin ng sambahayan ng Diyos ang lider o manggagawang ito, o kung ito ba ay pasok sa pamantayan bilang isang lider o manggagawa, patuloy lang nilang hinuhusgahan ito, binabaluktot ang mga katunayan, at ginagawan ito ng maliliit na paninira kapag nakatalikod ito. At ano ang layon nila sa paggawa ng mga bagay na ito? Ito ay upang makipag-agawan para sa katayuan, hindi ba? May pakay ang lahat ng bagay na sinasabi at ginagawa nila. Hindi nila isinasaalang-alang ang gawain ng iglesia, at ang pagsusuri nila sa mga lider at manggagawa ay hindi nakabatay sa mga salita ng Diyos o sa katotohanan, lalong hindi ito nakabatay sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos o sa mga prinsipyong hinihingi ng Diyos sa tao, kundi sa sarili nilang mga intensiyon at pakay. Kinokontra nila ang lahat ng sinasabi ng mga lider o manggagawa, at pagkatapos ay nagbibigay ng sarili nilang “mga kabatiran.” Gaano man karami sa mga sinasabi ng mga lider at manggagawa ang naaayon sa katotohanan, hindi nila ito tinatanggap kahit kaunti. Pinapabulaanan nila ang anumang sinasabi ng mga lider at manggagawa, at inilalahad ang sarili nilang mga salungat na opinyon. Sa partikular, kapag nagtatapat at naglalahad ng saloobin ang isang lider o manggagawa, tinatalakay ang pagkilala nito sa sarili, mas lalo silang nasisiyahan, at iniisip na natagpuan na nila ang pagkakataon nila. Anong pagkakataon? Ang pagkakataon na hamakin ang lider o manggagawang ito, para ipaalam sa lahat na mahina ang kakayahan ng lider o manggagawang ito, na maaari itong maging mahina, na tiwaling tao rin ito, na madalas din itong magkamali sa mga bagay na ginagawa nito, at na hindi ito mas mahusay kaysa sa iba. Ito ang pagkakataon nila para makahanap ng isang bagay na magagamit laban sa lider o manggagawang iyon, ang pagkakataon nila na sulsulan ang lahat na kondenahin, patalsikin, at pabagsakin ang lider o manggagawang iyon. At ang motibasyon sa lahat ng pag-uugali at kilos na ito ay walang iba kundi ang pakikipag-agawan para sa katayuan. Kung sinusunod ang mga prinsipyo ng halalan at ang mga prinsipyo ng paglilinang at paggamit sa mga tao sa sambahayan ng Diyos, sa mga normal na sitwasyon, hindi kailanman maihahalal bilang mga lider o manggagawa ang mga gayong indibidwal. Ito ay isang bagay na malinaw nilang nakilatis at naunawaan, kaya gumagamit sila ng anumang paraan para batikusin at kondenahin ang mga lider at manggagawa. Sinuman ang maging isang lider o manggagawa, sadyang mapanlaban sila rito, at palagi silang naghahanap ng mali at gumagawa ng mga iresponsable at kritikal na komento tungkol dito. Kahit wala namang mali sa mga salita o kilos ng mga lider at manggagawang ito, palagi silang nakakahanap ng mali sa mga ito—sa katunayan, ang mga problemang binubusisi nila ay hindi mga problema tungkol sa prinsipyo, kundi puro maliliit na isyu lang. Kaya, bakit sila masyadong tumututok sa maliliit na isyung ito? Bakit nagagawa nilang husgahan at kondenahin ang mga lider at manggagawa nang napakalantaran tungkol sa mga gayong bagay? Iisa lang ang layon nila, at iyon ay ang makipag-agawan sa kapangyarihan at katayuan. Gaano man makipagbahaginan ang sambahayan ng Diyos tungkol sa iba’t ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider at anticristo, hindi

nila kailanman iniuugnay ang mga pagpapamalas na ito sa sarili nila, bagkus ay inuugnay lang nila ang mga ito sa mga lider at manggagawa sa lahat ng antas. Kapag nakakita sila ng pagkakatugma, iniisip nila, “Ngayon, may ebidensiya na ako; sa wakas ay nakahanap na ako ng isang bagay na magagamit laban sa kanila at nakakuha ako ng magandang pagkakataon.” Pagkatapos, mas lalo silang nagiging walang pagpipigil sa paglalantad, paghuhusga, paggawa ng mga kritikal na pagsusuri, at pagkondena sa lahat ng ginagawa ng mga lider at manggagawang ito. Ang ilan sa mga isyung binabanggit nila ay maaaring tila medyo problematiko sa panlabas, pero kapag sinukat ayon sa mga prinsipyo, hindi mahalaga ang mga ito. Kaya, bakit nila binabanggit ang mga ito? Hindi para sa ano pa mang ibang dahilan kundi para ilantad ang mga lider at manggagawa, nang may pakay na kondenahin at talunin ang mga ito. Kung ang mga lider at manggagawa ay malugmok sa pagkanegatibo, magmakaawa, at yumukod sa kanila, kung makita ng mga kapatid na ang mga lider na ito ay palaging negatibo at mahina, at na madalas magkamali ang mga ito kapag kumikilos ang mga ito, at hindi na ihahalal ng mga kapatid ang mga ito bilang lider, kung ang mga kapatid ay hindi na gaanong nakikinig nang mabuti kapag nakikipagbahaginan sa katotohanan ang mga lider na ito, at kung hindi na nakikipagtulungan ang mga tao nang aktibo at masigasig nang tulad ng dati kapag ipinatutupad ng mga lider na ito ang gawain, kung gayon, matutuwa ang mga nakikipag-agawan para sa katayuan, at magkakaroon sila ng pagkakataon na magsamantala. Ito ang senaryo na pinakagusto nilang makita at ang pinakainaasam nilang mangyari. Ano ang layon nila sa paggawa ng lahat ng ito? Hindi ito para tulungan ang mga tao na maunawaan ang katotohanan at makilatis ang mga huwad na lider at anticristo, ni para akayin ang mga tao sa harap ng Diyos. Sa halip, ang pakay nila ay talunin at pabagsakin ang mga lider at manggagawa para makita ng lahat na sila ang pinakaangkop na maging lider. Sa puntong ito, nakamit na ang layon nila, at kailangan na lang nilang maghintay na inomina sila ng mga kapatid bilang lider. Mayroon bang mga gayong tao sa iglesia? Kumusta ang mga disposisyon nila? Malupit ang disposisyon ng mga indibidwal na ito, hindi nila minamahal ang katotohanan kahit kaunti, at hindi rin nila ito isinasagawa; nais lang nilang humawak ng kapangyarihan. Paano naman iyong mga nakakaunawa ng kaunting katotohanan at may taglay na kaunting pagkilatis—magiging handa ba silang hayaan ang mga gayong tao na humawak ng kapangyarihan? Magiging handa ba silang magpasailalim sa kapangyarihan ng mga ito? (Hindi.) Bakit hindi? Kung malinaw na makikita ng karamihan sa mga tao ang kalikasang diwa ng mga gayong indibidwal, ihahalal pa rin ba nila ang mga ito bilang lider? (Hindi.) Hindi nila ihahalal ang mga ito, maliban na lang kung ang lahat ay bagong magkakakilala pa lang at hindi pa lubos na pamilyar sa isa’t isa. Pero kapag pamilyar na sila sa isa’t isa at malinaw nilang nakikita kung sinong mga indibidwal ang may mahinang kakayahan at magulo ang isip, kung sino ang masasamang tao na may mga malupit at mapanlinlang na disposisyon, kung sino ang sabik na makipag-agawan para sa katayuan at tumahak sa landas ng mga anticristo, kung sino ang kayang maghangad sa katotohanan at tapat

na gumawa sa mga tungkulin nila, at iba pa, kapag naarok na nila ang kalikasang diwa at mga kategorya ng iba't ibang tao, kung gayon, ang halalan ng mga lider ay magiging medyo tumpak at alinsunod sa mga prinsipyo.

Mas gugustuhin ba ng karamihan ng tao na ihalal bilang lider ang isang taong palaging nakikipag-agawan para sa katayuan, o mas gugustuhin ba nilang pumili ng isang taong may kakayahan at kapabilidad sa gawain na medyo katamtaman lang, pero masipag at matatag? Kapag hindi pa malinaw kung ano ang karakter ng dalawang indibidwal na ito, kung ano ang kalikasang diwa nila, o kung anong landas ang tinatahak nila, sino ang mas gugustuhin ng karamihan sa mga tao na ihalal bilang lider? (Ang pangalawa, ang taong matatag.) Pipiliin ng karamihan sa mga tao ang pangalawa. Ang mga pagpapamalas ng mga palaging nakikipag-agawan para sa katayuan ay patunay ng kanilang pagkatao at diwa. Hindi ba kayang makita at makilatis ng karamihan sa mga tao ang kanilang mga pagpapamalas? Sasabihin ng mga tao, "Palaging pinapahirapan ng taong ito ang lider ng iglesia; nakatakda ang mga ambisyon niya sa pagkakamit ng katayuan ng isang lider ng iglesia, gusto niyang palitan ito bilang lider. Simula nang mahalal ang taong iyon bilang lider ng iglesia, palagi na niya itong pinupuntirya at kinaiinisan. Palagi niyang sinasagot ang lider, at hinahanapan ng mali sa anumang ginagawa nito, sinasamantala ang anumang masasamantala niya, at hinuhusgahan din niya ito at inilalantad ang mga pagkukulang nito habang nakatalikod ito. Lalo na sa mga pagtitipon o kapag nagbabahaginan tungkol sa gawain, kung saglit na hindi malinaw na ipinapahayag ng lider ang sarili nito, sumasabad siya, nagpapakita ng matinding kawalan ng pasensiya. Kinukutya, inuuyam, tinutuya, at pinagtatawanan pa nga niya ang lider na ito; pinapahirapan niya ito sa bawat pagkakataon at inilalagay ito sa mga nakakahiyang sitwasyon." Sa pagkakalantad ng mga pag-uugaling ito sa lahat, hindi ba't makikilatis ng karamihan ng tao ang indibidwal na ito? (Oo.) Kung gayon, nakakatulong ba ito sa pag-angkin niya sa posisyon ng lider? Talagang hindi. Mautak ba o hangal ang mga taong nakikipag-agawan para sa katayuan? Malinaw na mga mangmang sila, mga hangal. Mayroong isa pang malubhang isyu: Ang mga indibidwal na ito ay mga diyablo, at hindi mababago ang kalikasan nila! Hindi makontrol ang pagnanais nila para sa kapangyarihan at katayuan, hanggang sa punto pa nga na nawawalan na sila ng katinuan, na hindi isang bagay na taglay ng normal na pagkatao. Lumalagpas ang pagnanais na ito sa mga hangganan ng pagkamakatwiran at konsensiya ng normal na pagkatao, umaabot sa kawalan ng prinsipyo. Kikilos ang mga taong ito sa ganitong paraan sa anumang oras, lugar, o konteksto, nang hindi isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan, lalo na ang epekto ng kanilang mga kilos. Ito ang mga pinakatipikal na pagpapamalas at pamamaraan ng mga nakikipag-agawan para sa katayuan. Sa tuwing may pagtitipon o pagbabahaginan tungkol sa gawain, sa sandaling magtipon-tipon ang lahat, nagsasanhi ng mga kaguluhan ang mga indibidwal na ito na parang mga nakakairitang langaw, pinipinsala ang buhay iglesia at ang normal na kaayusan ng pagbabahaginan sa katotohanan. Ang mga gayong pag-uugali at pamamaraan ay likas

na nagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan sa kanila. Hindi ba't dapat limitahan ang mga gayong indibidwal? Sa malulubhang kaso, hindi ba't dapat silang paalisin o patalsikin? (Oo.) Minsan, kung aasa lamang sa kalakasan ng mga lider ng iglesia para limitahan ang masasamang tao, medyo hindi ito sapat, at ito ay kaisa-isang pagsisikap—kung, pagkatapos malinaw na makita ang kalubhaan ng mga pagkagambala at kaguluhan na idinulot ng masasamang tao at lubusang makilatis ang kanilang diwa, maaari nang makipagkaisa ang mga kapatid sa mga lider ng iglesia sa pagpipigil at paglilimita sa gayong masasamang indibidwal, hindi ba't magiging mas epektibo ito? (Oo.) Kung sasabihin ng isang tao, "Ang paglilimita sa masasamang tao ay ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, wala itong kinalaman sa aming mga ordinaryong mananampalataya. Hindi kami makikialam dito! Nakikipag-agawan para sa katayuan ang masasamang tao laban sa mga lider ng iglesia; nakikipag-agawan sila para sa katayuan laban sa mga mayroon nito. Wala naman kaming katayuan; wala silang tinatangkang kunin mula sa amin. Ano't anuman, hindi ito nakakaapekto sa amin. Hayaan silang makipag-agawan hangga't gusto nila. Kung may abilidad ang mga lider ng iglesia, dapat pigilan sila ng mga ito; kung hindi, hayaan na lang sila. Ano bang kinalaman nito sa amin?" Mabuti ba ang pananaw na ito? (Hindi.) Bakit hindi mabuti? (Hindi nila itinataguyod ang normal na kaayusan ng iglesia.) Sa mas angkop na mga termino, ano ang tinutukoy ng normal na kaayusan ng iglesia? Hindi ba't tumutukoy ito sa normal na buhay iglesia? (Oo.) May kinalaman ito sa normal at maayos na buhay iglesia—kaugnay nito ang maayos na pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, na nangangahulugan na kayang magdasal-magbasa ng mga tao at magbahaginan sa salita ng Diyos, at magbahagi ng mga personal na karanasan, sa isang buhay iglesia kung saan gumagawa ang Banal na Espiritu, naroroon ang Diyos, at gumagabay ang Diyos, at kasabay nito, nakakatanggap din ang mga tao ng kaliwanagan at patnubay mula sa Banal na Espiritu at nagkakamit ng liwanag. Ito ang dapat na tamasahin ng hinirang na mga tao ng Diyos sa buhay iglesia. Kung may ilang tao na sumisira sa normal na kaayusang ito, dapat silang pigilan at limitahan ayon sa mga prinsipyo, at hindi dapat kunsintihin. Hindi lang ito responsabilidad at obligasyon ng mga lider at manggagawa, kundi responsabilidad at obligasyon din ng lahat ng nakakaunawa sa katotohanan at nagtataglay ng pagkilatis. Siyempre, pinakamainam kung mapangungunahan ng mga lider ng iglesia ang gawaing ito, nakikipagbahaginan sa mga kapatid tungkol sa kalikasan ng mga kilos ng mga indibidwal na ito, kung anong klaseng mga tao ang mga indibidwal na ito batay sa mga pagpapamalas nila, at kung paano dapat kilatisin at malinaw na unawain ng mga kapatid ang mga gayong indibidwal. Kung hindi nililimitahan ang masasamang tao at ang mga kapatid ay pawang nagugulo, nalilihis, at nadadaya nila, at ang mga lider ng iglesia ang nabubukod sa halip na ang masasamang taong iyon, kung gayon, magiging paralisado at hindi maiiwasang masasadlak sa kaguluhan ang iglesiang ito. Makakapagpatuloy pa ba ang normal na buhay iglesia sa mga gayong sitwasyon? Kung hindi ito makapagpapatuloy, magiging mabunga pa rin ba ang mga

pagtitipon ng iglesia? May makakamit pa rin ba ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa mga gayong pagtitipon? Kung walang makakamit ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa mga ito, pinagpapala o kinasusuklaman ba ng Diyos ang mga gayong pagtitipon? Siyempre, kinasusuklaman ng Diyos ang mga ito. Ang mga pagtitipong walang gawain ng Banal na Espiritu at walang pagpapala ng Diyos ay hindi na maituturing na buhay iglesia kundi nagiging mga pagpupulong na ng isang grupong panlipunan. Mayroon bang may gusto ng isang magulong buhay iglesia? Nakakapagpatibay o kapaki-pakinabang ba ito sa sinuman? (Hindi.) Kung, sa panahong ito, ay wala kang anumang nakamit sa iyong buhay pagpasok mula sa anumang pagtitipon, kung gayon, naging walang halaga o kabuluhan ang panahong ito para sa iyo; sinayang mo lang ang oras na ito. Hindi ba't nangangahulugan ito na nagkaroon ng kawalan ang iyong buhay pagpasok? (Oo.) Kung sa isang pagtitipon ay may masasamang tao na nakikipag-agawan para sa katayuan, at nakikipagtalo at nakikipagdiskusyon sa isang lider ng iglesia, at dahil dito ay nababalisa ang mga tao, ang buong pagtitipon ay nababalot ng negatibong atmospera, at napupuno ng buktot na enerhiya ni Satanas, at kung, maliban sa pagdedebate tungkol sa mga paksa gaya ng kung sino ang tama at sino ang mali, walang sinumang lumalapit sa Diyos para magdasal at maghanap sa katotohanan, at walang sinumang kumikilos ayon sa mga prinsipyo, kung gayon, pagkatapos ng ganitong uri ng pagtitipon, titibay ba ang pananalig mo sa Diyos o hihina? Mas marami ka bang mauunawaan at makakamit pagdating sa katotohanan, o magiging magulo ba ang isipan mo dahil sa mga pagtatalo, at wala kang anumang makakamit? Minsan, maaaring isipin mo, "Hindi ko maintindihan kung bakit nananampalataya sa Diyos ang mga tao. Ano ba ang silbi ng pananampalataya sa Diyos? Bakit ganito ang asal ng mga taong ito? Mga mananampalataya pa rin ba sila sa Diyos?" Dahil lang sa isang panggugulo ng mga Satanas, at masasamang diyablo, nagugulo at narurumihan ang puso ng mga tao; pakiramdam nila ay walang saysay ang manampalataya sa Diyos, at hindi na nila alam kung ano ang halaga ng pananampalataya sa Diyos, at nagiging magulo ang isipan nila. Kung ang lahat ay kayang maging mapagmatyag, at partikular na maging sensitibo at matalas sa mga gayong usapin, sa halip na maging manhid at mabagal, kung gayon, kapag ang masasamang tao ay madalas magsalita o gumawa ng mga bagay-bagay sa buhay iglesia alang-alang sa pakikipag-agawan para sa katayuan, agad na mapagtatanto ng karamihan sa mga tao na may problemang kailangang lutasin. Mabilis nilang makikilatis kung sino ang nagmamanipula ng mga sitwasyong ito, at kung ano ang kanilang disposisyong diwa, agad nilang mapagtatanto ang kalubhaan ng isyu, at magagawa nilang pigilan at limitahan ang masasamang tao sa loob ng maikling panahon, inaalis ang mga ito mula sa iglesia, at pinipigilan ang mga ito na patuloy na guluhin at pigilan ang mga tao sa loob ng iglesia. Hindi ba't makakabuti at makakapagpatibay ito sa karamihan sa mga tao? (Oo.)

Kung makakaranas kayo ng mga sitwasyon kung saan nakikipag-agawan para sa katayuan ang masasamang tao, paano ninyo haharapin ang mga ito? Ano ang pananaw ng karamihan? (Pipigilan namin ang pag-uugaling ito.) Pipigilan lang? Paano ninyo ito

pipigilan? Ipagbabawal ba ninyo sa kanila na magsalita, o magsabing, “Ayaw namin sa sinasabi mo, kaya huwag ka nang gaanong magsalita sa mga susunod na pagtitipon!” Gagana ba iyon? Makikinig ba sila sa iyo? (Hindi.) Kung gayon, ano ang dapat mong gawin? Kailangan mong lubusang ilantad at himayin ang kanilang mga intensiyon, motibasyon, at kalikasang diwa ayon sa salita ng Diyos, para makakilatis at maging alerto ang mga kapatid sa mga gayong tao at sa kalikasan ng kanilang mga kilos, sa halip na maging isang mapagpalugod ng tao, at naghihintay lang sa mga lider at manggagawa ng iglesia na maglantad sa masasamang tao bago ka manindigan at magsabing, “Hindi na sila dapat payagang dumalo sa mga pagtitipon.” Mabuti ba na maging isang mapagpalugod ng tao? (Hindi, hindi ito mabuti.) Kapag nahaharap sa gayong mga sitwasyon, hindi ba’t mas pinipili ng karamihan ng tao na umiwas na lang at lumayo sa ganitong mga usapin, sa halip na makabanggaan ang masasamang taong iyon, para maiwasan nilang makapagpasama ng loob ng mga ito at gawing nakakaasiwa ang makisalamuha sa mga iyon kalaunan? Hindi ba’t karamihan sa mga tao ay sumusunod sa prinsipyo para sa mga makamundong pakikitungo ng pagiging isang mapagpalugod ng tao? (Oo.) Kung gayon, problema iyon. Ipagpalagay natin na walumpung porsiyento ng mga tao sa isang iglesia ay mga mapagpalugod ng tao, at kapag nakikita nila ang gayong masasamang indibidwal na nakikipag-agawan para sa katayuan, kalamangan, at mga posisyon bilang mga lider sa buhay iglesia, walang sinumang tumitindig para pigilan o limitahan ang mga ito, at ang karamihan ay may ganitong pananaw: “Mas kakaunti ang gulo, mas mainam. Hindi ko sila puwedeng galitin, kaya, hindi ba puwedeng iwasan ko na lang sila? Iiwasan ko na lang sila at iyon na ang katapusan nito. Hayaan silang makipag-agawan; pagdating ng panahon, parurusahan sila ng Diyos. Wala naman itong kinalaman sa akin!” Sa ganitong mga sitwasyon, magiging mabunga pa rin ba ang buhay iglesia? Karamihan ng tao ay tamad at umaasa lang; sa sandaling mahalal ang mga lider ng iglesia, itinuturing nilang tapos na ang gawain nila, at hinihintay lang nila na gawin ng mga lider ng iglesia ang lahat ng bagay. Kung tatanungin mo sila kung naipamahagi na ba ang mga aklat ng mga salita ng Diyos sa kanilang iglesia, kung nagkaroon ba ng anumang paggambala o panggugulo sa buhay iglesia, o kung may sinumang palaging naglilitanya ng mga salita at doktrina o nakikipag-agawan para sa katayuan laban sa mga lider, sasabihin nila, “Alam ng mga lider ng iglesia ang lahat ng bagay na ito. Wala akong alam sa mga ito at hindi ko kailangang mag-abala tungkol sa mga ito. Aasikasuhin ito ng mga lider pagdating ng panahon.” Hindi sila nangingialam o nag-uusisa tungkol sa anumang bagay, wala silang alam tungkol sa kahit anong bagay, at wala silang alam o pakialam tungkol sa sinumang tao, anumang pangyayari, o anumang bagay na may kinalaman sa buhay iglesia, na dapat sana ay alam nila. Pagdating sa kung ano ang sinasabi at ginagawa ng masasamang taong ito na lumilitaw sa iglesia kapag nakikipag-agawan sila para sa katayuan, pati na ang mga kaguluhan at epektong naidudulot nila sa buhay iglesia, lubos silang walang pakialam dito, at hindi sila nag-uusisa o nagtatanong tungkol sa mga bagay na ito. Kapag

tapos na ang lahat, kung tatanungin mo sila kung nagkaroon ba sila ng anumang pagkilatis, kung kaya na ba nilang kilatisin ang masasamang tao at kung ano ang mga pagpapamalas ng masasamang tao, wala silang masasabing kahit ano maliban sa, “Tanungin mo ang mga lider ng iglesia; alam nila ang lahat.” Hindi ba’t alipin ang gayong tao? Isa siyang alipin, siya ay duwag at walang silbi, at namumuhay ng isang pag-iral na ubod ng sama. Ang mga sitwasyon kung saan nakikipag-agawan para sa katayuan ang masasamang tao ay nangangailangan ng pagkilatis, pangangasiwa, at paglutas. Hindi lang ito responsabilidad ng mga lider ng iglesia; responsabilidad din ito ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos. Karamihan sa mga lider ay nakakaunawa ng mas marami-raming katotohanan kaysa sa karaniwang tao, alerto sila sa ganitong mga isyu, at nakikita nila ang mga pakay at diwa ng mga kilos ng mga taong ito. Kasabay nito, dapat ding aktuwal na matuto ng mga aral ang karamihan sa mga tao at lumago sa pagkilatis, at makipagkaisa sa mga nasa iglesia na may pagpapahalaga sa katarungan, at nakakaunawa at naghahangad sa katotohanan, para kumilos nang naaayon laban sa masasamang indibidwal na ito na nanggugulo at nanggagambala sa buhay iglesia. Dapat din nilang ibukod o paalisin ang mga ito, sa halip na wala silang gawin, at makinig lang sa kaunting pagbabahaginan, palawakin nang kaunti ang kanilang pananaw, at magkaroon ng kaunting kamalayan tungkol sa usapin sa puso nila kapag nahaharap sa mga isyung ito, at pagkatapos ay ituring na tapos na ang gawain nila. Ito ay dahil ang buhay iglesia ay hindi isang bagay na may kinalaman lang sa mga lider ng iglesia, at ang pamumuhay ng magandang buhay iglesia at pagpapanatili ng normal na kaayusan ng buhay iglesia ay hindi lang responsabilidad ng mga lider ng iglesia—nangangailangan ito ng sama-samang pagsisikap ng lahat ng tumitindig para mapanatili ito.

Ang mga taong nakikipag-agawan para sa katayuan—ang klase na binanggit sa ikalimang isyu—ay madalas na lumilitaw sa loob ng buhay iglesia. Ang kanilang pinakahalatang pagpapamalas ay ang pakikipag-agawan nila para sa katayuan laban sa mga lider ng iglesia, kasunod ang pakikipag-agawan para sa katayuan laban sa mga may mahusay na kakayahan at may halos dalisay na pagkaarok sa katotohanan, sa mga may espirituwal na pang-unawa, at sa mga nakakaunawa sa mga katotohanang prinsipyo kasama ang mga kapatid, madalas na hinahamon ang mga indibidwal na ito. Ang mga taong ito ay madalas na nakikipagbahaginan ng ilang dalisay na pagkaunawa at liwanag sa buhay iglesia, nagbabahagi ng ilang personal na karanasan na may halaga at naghahatid ng praktikal na pagkaunawa; labis itong nakakatulong at nakakapagpatibay sa mga kapatid. Matapos marinig ang kanilang pakikipagbahaginan, nagkakaroon ng landas ang mga kapatid, nalalaman nila kung paano isagawa at danasin ang salita ng Diyos at kung paano lutasin ang sarili nilang mga problema. Labis silang nagpapasalamat sa patnubay ng Diyos, at kasabay nito, hinahangaan at pinahahalagahan nila ang mga may dalisay na pagkaarok sa katotohanan at may mga praktikal na karanasan. Kaya naman, may tendensiya silang pahalagahan ang mga indibidwal na ito at lumapit sa mga ito. Ang paglitaw ng mga positibong bagay na ito na

nakalulugod para sa Diyos sa buhay iglesia ay ang pinakaayaw makita ng mga taong nakikipag-agawan para sa katayuan. Sa tuwing may nakikita silang nakikipagbahaginan ng mga praktikal na karanasan, hindi sila mapalagay at naiinggit sila, at nagiging sobrang asiwa. Sa kanilang pagkaasiwa, nagpapakita sila ng isang asal ng pagsuway, paghamak, at kawalan ng kasiyahan, madalas na nagkakalkula sa puso nila kung paano pagmukhaing mga hangal ang mga taong may mga praktikal na karanasan at nakakaunawa sa katotohanan, gayundin kung paano ipakita sa mga kapatid ang mga kapintasan at pagkukulang ng mga ito, para hindi na sila pahalagahan ng mga kapatid o hindi na makipaglapit sa kanila ang mga ito. Kaya naman, ang mga taong nakikipag-agawan para sa katayuan ay tiyak na magsasabi ng ilang bagay at magsasagawa ng ilang kilos. Inaatake at ibinubukod nila iyong mga nagbabahagi ng mga patotoong batay sa karanasan at iyong mga may madalas na pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan na nagtutustos at tumutulong sa buhay pagpasok ng mga kapatid. Madalas silang nakakakuha ng magagamit laban sa mga positibong tao at inilalantad nila ang mga pagkukulang ng mga ito, nang may pakay na ilayo ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga taong madalas na nakikipagbahaginan sa katotohanan at nagbabahagi ng mga patotoong batay sa karanasan. Sa pagbubuod, ang mga nakikipag-agawan para sa katayuan ay mga negatibong tauhan na pinapasok ang iglesia at gumaganap sa papel ng mga alipin ni Satanas.

Ang isang sister, na nakagawa ng mga kamalian sa kanyang matatalik na relasyon bago manampalataya sa Diyos, ay nagsisi pagkatapos maging isang mananampalataya at hindi na muling gumawa ng mga gayong pagkakamali. Lubha siyang nagsisi sa kanyang mga nakaraang pagsalangsang at kaya, nagtapat siya at nakipagbahaginan sa mga kapatid. Ano ang layon at prinsipyo ng pagtatapat at pakikipagbahaginan? Ito ay para magbunsod ng pagkaunawa sa isa't isa at alisin ang mga panloob na hadlang sa pagitan ng mga kapatid. Ang karamihan sa mga kapatid, pagkatapos maunawaan ang katotohanan, ay kaya nang magtapat at makipagbahaginan tungkol sa kanilang sariling mga pagbubunyag ng katiwalian at mga nakaraang pagsalangsang, habang nagpapahayag din ng pasasalamat at papuri sa pagliligtas ng Diyos. Angkop ba ang gayong pagtatapat at pagbabahaginan? (Oo.) Pagkatapos maunawaan ang katotohanan, karamihan sa mga kapatid ay nagagawang magtapat at makipagbahaginan sa ganitong paraan; maituturing ba itong problema? (Hindi.) Napakanormal lang na makagawa ng ilang pagkakamali ang mga tao pagdating sa kanilang malalapit na relasyon o sa iba pang mga aspekto bago sumampalataya sa Diyos. Kaya ng ilang tao na magsalita tungkol sa mga pagkakamaling ito, samantalang ang iba naman ay nagtatago at nagkukunwari, at kahit gaano pa magsanay na magtapat at magbunyag ng kanilang sarili ang iba, sila mismo ay walang sinasabi. Naniniwala sila na ang mga pagkakamaling ito ay ang kanilang mga itinatagong baho, na hindi nila puwedeng ipaalam sa sinuman, dahil baka mawala ang kanilang reputasyon, dangal, at posisyon. Gayumpaman, iba ang pagkakaarok ng ilang tao sa mga bagay-bagay; naniniwala sila na dahil sumampalataya

sila sa Diyos at tinanggap nila ang pagliligtas ng Diyos, nararapat lang na magtapat at makipagbahaginan sila ngayon tungkol sa kanilang mga nakaraang maling gawain at sa mga maling landas na tinahak nila, at ihayag para himayin ang mga ito, at na ang mga ito ay sadyang mga bagay na pinagdaanan nila bilang mga taong ginawang tiwali ni Satanas. Ngayon, nagagawa nilang magtapat, magbunyag ng kanilang sarili, at makipagbahaginan. Ibubuod o tatapusin man ang nakaraan, ang katunayan na kaya itong gawin ng mga taong ito ay nagpapatunay kung ano ang saloobin nila sa pagsasagawa sa katotohanan: Handa silang isagawa ang katotohanan, at determinado silang isagawa ito. Kung paano mismo nagsasagawa ang isang tao ay nakasalalay sa kanyang pagkaarok at determinasyon. Gayumpaman, ang pagtatapat at pagbubunyag ng sarili ay tiyak na hindi isang pagkakamali, at lalong hindi ito kasalanan. Hindi ito dapat gamitin bilang bentaha laban sa isang tao, at lalong hindi ito dapat maging ebidensiya na gagamitin ng ibang tao para atakihin siya. Karamihan sa mga tao ay kayang tratuhin nang tama ang usaping ito, ibig sabihin, ang pagkaarok nila rito ay dalisay at alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo. Gayumpaman, mga maling intensiyon ang kinikimkim ng masasamang indibidwal; iginigiit nilang hanapan ng mali ang iba para kutyain, paglaruan, at husgahan ang mga ito. Napakahalata ng gayong masasamang gawa. Ang mga taong kayang magbunyag ng kanilang sarili, magtapat, at makipagbahaginan tungkol sa kanilang katiwalian at mga maling landas na tinahak, ay nagtataglay ng pusong nauuhaw sa katuwiran sa kanilang pagharap sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos. Dahil dito, habang binabasa nila ang mga salita ng Diyos, hindi namamalayang nagkakamit sila ng ilang praktikal na pagkaunawa at kabatiran. Ang mga praktikal na pagkaunawa at kabatirang ito ay tumutulong sa kanila na mahanap ang landas ng pagsasagawa sa harap ng mga suliranin at napakaraming sitwasyon na nangyayari sa buhay nila, na humahantong sa ilang tunay na pagkaunawang batay sa karanasan sa katotohanan. Ang pagbabahaginan sa mga tunay na pagkaunawang batay sa karanasan na ito ay nakakapagpatibay at nakakatulong sa iba; titingnan ng mga kapatid ang mga indibidwal na ito nang may paghanga at paggalang, sinasabing, “Talagang kamangha-mangha ang mga praktikal mong karanasan. Pagkatapos kong marinig ang mga ito, labis akong nakakaramdam ng simpatiya. Nakikita ko na tama ang paraan ng pagsasagawa mo, at pinagpapala ito ng Diyos. Handa na rin akong bitiwan ang sarili kong mga kuru-kuro at maling palagay, at bitawan ang aking mga pasanin; gusto kong isagawa ang katotohanan sa simpleng paraan at matanggap ang kaliwanagan at patnubay ng Diyos, gaya mo. Ito ang tamang landas.” Hindi ba’t normal lang ang ganitong mga pagpapamalas? Hindi ba’t napakaangkop na magkaroon ng gayong ugnayan sa pagitan ng mga kapatid? Isa itong uri ng ugnayang pantao na naiiba sa ugnayang matatagpuan sa mga hindi nananampalataya sa Diyos; ito ay ugnayang sinasang-ayunan at nais makita ng Diyos. Magiging normal lang ang buhay iglesia kapag umiiral ang gayong normal na ugnayan sa pagitan ng mga kapatid. Gayumpaman, palagi pa ring magkakaroon ng ilang masasamang tao o ilang may mapaminsalang intensiyon, na

tatayo para atakihin, siraan, at ibukod iyong mga may praktikal na karanasan, iyong mga nauuhaw at nagugutom sa katotohanan, at iyong mga humahanga at nagpapahalaga sa mga taong may karanasan. Bakit nila inaatake ang mga indibidwal na ito? Ang balak nila ay walang iba kundi ang makipag-agawan para sa katayuan sa loob ng iglesia. Dahil hindi nila mahal ang katotohanan ni hinahangad ito, nagpapanggap silang mga naghahangad sa katotohanan sa pamamagitan ng pag-imbento ng mga huwad na karanasan para ilihis ang lahat at makuha ang pagpapahalaga ng mga ito. Ito ay paggamit sa mga pamamaraan ni Satanas ng paglihis at pagkontrol sa mga tao para makamit ang ninanais nilang katayuan at kapangyarihan. Ang mga gayong insidente ay madalas na nagaganap sa mga iglesia kahit saan at nakikita ng lahat. Kung napapansin ninyo na taglay ng ilang kapatid ang katotohanang realidad, na kaya nilang makipagbahaginan sa tunay na pagkaunawang batay sa karanasan sa mga salita ng Diyos sa oras ng mga pagtitipon, at nakamit ang papuri ng marami, pero sa hindi malamang dahilan ay inaatake, ginagantihan, at isinasadlak ng iba sa pagdurusa, kung gayon, dapat kayong maging alerto, at kilatisin ninyo kung anong uri ng mga tao ang may ganitong pag-uugali. Bakit madalas na binabatikos at ibinubukod iyong mga naghahangad sa katotohanan? Ano ba talaga ang nangyayari dito? Tiyak na nagpapahiwatig ito ng isang problema.

Sa buhay iglesia, kailangang mahigpit na bigyang-pansin ang mga taong madalas na naghahanap ng mali sa mga lider at manggagawa. Dagdag pa rito, may ilang tao na madalas nangungutya, nanlilibak, o nambabatikos sa mga taong naghahangad sa katotohanan at nananabik sa mga salita ng Diyos. Ang mga negatibong karakter na ito ay dapat ding mahigpit na subaybayan at bantayan para makita kung ano ang susunod nilang gagawin. Kung may isang taong kayang maglantad ng mga pagkukulang ng mga lider ng iglesia o bumatikos ng mga indibidwal na may katotohanang realidad nang walang anumang makatarungang dahilan habang nakikilahok sa buhay iglesia, tiyak na mayroong isyu at dahilan sa likod nito; talagang may dahilan ito. Dapat seryosong bigyang-pansin ng mga kapatid ang mga gayong indibidwal dahil hindi ito maliit na usapin. Minsan, pagkatapos makarinig kamakailan ng isang patotoo ng praktikal na karanasan at makaramdam ng lubos na kasiyahan sa puso, o pagkatapos magkamit kamakailan ng kaunting liwanag at pagkaunawa, maaari pa ring malito ang isang tao dahil sa ilang mapanlihis na salitang sinambit ng masasamang tao, kaya, nawawala ang lahat ng nakamit niya kamakailan. Kung kailan kasisimula pa lang bumuo ng kaunting pananalig ang isang tao, ginugulo siya ng masasamang tao at bumabalik siya sa dati niyang kalagayan; kung kailan nagsisimula pa lang siyang magkaroon ng kaunting pagkauhaw para sa katotohanan at sa salita ng Diyos, pati na rin ng kaunting determinasyon na isagawa ang katotohanan, ginugulo siya ng masasamang tao, nawawalan siya ng sigla at motibasyon, at pagkatapos ay gusto na niyang umalis agad sa lugar na ito na may alitan. Malubha ba ang mga kahihinatnang ito? Napakalubha ng mga ito. Kaya naman, sa iglesia, kung may isang taong palaging nagsisimula ng mga pagtatalo tungkol sa

isang bagay na hindi umaayon sa mga kahilingan niya, nakikipagtalo kung sino ang nasa tama, nakikipagdebate kung ano ang tama sa mali, at nakikipagpaligsahan pa nga kung sino ang mas mataas o mas mababa, kung gayon, dapat nang magsilbing babala ang mga gayong indibidwal. Tingnan kung anong papel ang ginagampanan nila sa iglesia, anong mga kahihinatnan ang idinudulot nila, at sa pamamagitan nito, makikilatis mo kung ano ang kanilang kalikasang diwa.

Sa buhay iglesia, may isa pang uri ng pagpapamalas ng pakikipag-agawan para sa katayuan na may kinalaman sa paggambala at panggugulo sa buhay iglesia at sa gawain ng iglesia. Halimbawa, minsan, kapag magkakasamang nagbabahaginan ang mga kapatid tungkol sa isang problema, may kaunting liwanag ang pakikipagbahaginan ng bawat isa; habang mas nagbabahaginan sila, mas nagiging malinaw at maliwanag ang mga katotohanang prinsipyo, at madaling nauunawaan ang landas sa pagsasagawa. Gayumpaman, maaaring may isang tao na biglang magpapakilala ng isang "matalinong ideya," ng suhestiyon niya, na sumisira sa daloy ng pagbabahaginan at naglilihis sa paksa sa ibang direksiyon, iniiwang hindi tapos ang pagbabahaginan sa pangunahing paksa. Sa panlabas, parang hindi naman siya nanggugulo, lalong hindi niya nililimitahan ang iba na makipagbahaginan sa katotohanan, pero hindi niya pinili ang akmang oras para ipakilala ang paksang ito. Sa pagsingit ng isang bagong isyu para pagbahaginan at talakayin sa isang kritikal na sandali habang pinagbabahaginan ang katotohanan para lutasin ang isang problema, napuputol ang naunang pinag-usapang isyu bago pa man ito tuluyang malutas. Hindi ba't ito ay pag-aabandona sa gampanin habang nasa kalagitnaan pa lang? Hindi ba't naaantala nito ang paglutas sa problema? Bukod sa hindi naayos ang problema, naantala rin ang pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan. Posible bang gawin ito ng mga taong may katwiran? Kalabisan bang sabihin na ang mga gayong bagay ay nakakagambala at nakakagulo sa buhay iglesia? Sa tingin Ko, hindi naman. Ang guluhin ang isang pagtitipong gaya nito kapag nagbabahaginan sa katotohanan para malutas ang isang problema—hindi ba't ito ay sadyang paggambala at panggugulo sa buhay iglesia? Kung may isang taong laging sumisingit sa mga kritikal na sandali kung kailan pinagbabahaginan ang katotohanan para malutas ang isang problema, kung palagi niyang tinatapos nang biglaan ang mga usapan, kung gayon, hindi ito problema ng kawalan ng katwiran; ito ay sadyang panggugulo sa pagtitipon habang ang katotohanan ay pinagbabahaginan para malutas ang isang problema. Ito ang masamang gawa ng paggambala at panggugulo sa buhay iglesia, ganoon kasimple—tanging ang mga anticristo at masasamang tao ang gumagawa nito, tanging ang mga taong namumuhi sa katotohanan ang gumagawa nito. Kahit ano pa ang konteksto o mga sitwasyon, palaging kailangan ng ganitong mga tao na ibahagi ang kanilang "matatalinong ideya," palagi nilang gustong mapansin, ang maging sentro ng atensiyon. Kahit gaano kakrusyal at kahalaga ang paksang pinagbabahaginan ng mga tao, palagi nilang kailangang sumingit para ilihis ang atensiyon ng mga tao at maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan, gusto nilang magmukhang katangi-tangi. Ano

nga bang klaseng palabas ang gusto nilang ipakita? Hindi ba't nakikipag-agawan sila para sa katayuan? Gusto nilang kontrolin ang sitwasyon. Ayaw nilang mas lalo pang lumalim at luminaw ang pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan; ang pinakamahalaga sa kanila ay mapansin, mapakinggan, at sundin sila ng lahat, at gawin ng lahat ang kanilang mga utos. Malinaw na ito ay pakikipag-agawan para sa katayuan. Para sa ilang tao, anumang gawain ang ginagawa nila, kapag hiniling mo sa kanila na makipagbahaginan tungkol sa mga partikular na ideya at plano para sa pagpapatupad sa isang bagay, at tungkol sa mga partikular na hakbang para sa detalyadong pagsasagawa ng mga ito, wala silang anumang maisip. Subalit, mahilig silang maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan, nagmumukhang kakaiba, at gumagawa ng isang bagay na bago at nakasisilaw. Anuman ang kasalukuyang sitwasyon, sa sandaling makaisip sila ng bagong ideya, ipiniprisinta nila ito na para bang binalot sila ng inspirasyon, padalos-dalos nila itong iminumungkahi para tanggapin at sang-ayunan ng iba, nang walang maingat na pagsasaalang-alang. Pero kapag hiniling sa kanila na magtalakay ng mga partikular na landas para sa pagsasagawa, nagiging pipi sila. Wala silang kahusayan, pero nais pa rin nilang magpakitang-gilas, palaging nilalayon na mapansin. Ayaw nilang maging pangalawang opsiyon; ayaw nilang maging isa lang sa mga ordinaryong tagasunod. Palagi nilang kinatatakutan na mamaliitin sila ng iba, at palagi nilang gustong igiit ang kanilang presensiya. Kaya naman, palagi silang naglilitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan para mapansin sila. Bakit ba nila palaging ginagawa ito? Kapag sumasagi sa isipan nila ang isang ideya, bulag nila itong itinuturing na maganda at karapat-dapat na isagawa nang walang pagsasaalang-alang o bago pa man ito lubos na mapag-isipan. Kapag padalos-dalos nilang ipiniprisinta ang ideyang ito, hindi ito nauunawaan ng ibang tao at natural na magtatanong ang mga ito. Kapag hindi sila makasagot, iginigiit pa rin nila na tama ang kanilang opinyon at na dapat itong tanggapin ng lahat. Anong klaseng disposisyon ito? Anong mga kahihinatnan ang maidudulot ng kanilang mga walang batayang paggiit sa kanilang sariling mga pananaw? Nakakabuti o nakakagulo ba ito sa gawain ng iglesia? Nakakabuti ba ito o nakakapinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos? Kaya nila itong sabihin nang walang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad—ano ba ang balak nila? Ito ay para igiit lang ang kanilang presensiya. Natatakot sila na baka hindi malaman ng iba na mayroon silang gayong "matatalinong ideya," na mayroon silang kakayahan, katalinuhan, at mga abilidad; nagsusumikap sila para sa ganitong pagkilala, para pahalagahan sila ng nakararami. Ano ang nangyayari sa huli? Padalos-dalos silang nagbibigay ng mga suhestiyon, at iniisip ng iba sa simula na mayroon talaga silang ilang abilidad, isang tunay na bagay. Pero habang lumilipas ang panahon, nagiging malinaw na sila ay mga taong mapurol ang isip, walang tunay na kaalaman o kasanayan pero palaging gusto na sila ang may huling salita. Ito ay pakikipag-agawan para sa katayuan. Kahit walang tunay na abilidad, gusto pa rin nilang sila ang nasusunod; palagi silang naglilitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan nang hindi nagpiprisinta ng anumang kongkretong

plano, walang partikular na landas ng pagsasagawa. Ano kaya ang mga magiging kahihinatnan kung talagang pagkakatiwalaan ng mga gampanin ang mga gayong tao? Tiyak na hahantong ito sa mga pagkaantala. Bakit ba palagi nilang hinahangad na makipag-agawan para sa katayuan, na humawak ng kapangyarihan, samantalang wala naman silang kayang isakatuparan na anuman? Sila ay mga taong mapurol ang isip, na kulang sa talas ng pag-iisip; sa mas magagandang termino, sila ay ganap na walang katwiran. Sa mga walang pananampalataya, napakaraming mga gayong tao, puro salita at wala namang gawa. Karamihan sa mga tao ay nakakakilatis nang kaunti sa ganitong uri ng tao. Kung may isang tao na palaging naglilitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan at gustong magmukhang makabago, dapat din na maging maingat ang isang tao na hindi magpadala rito. Kung tunay na may matatalinong ideya ang isang tao na kaya ring magprisinta ng isang kongkretong plano, katanggap-tanggap lang ito kung ito ay maaaring gawin; kung naglilitanya lang siya ng mga ideyang matatayog pakinggan nang hindi nagpiprisinta ng mga kongkretong plano, kung gayon, dapat na mag-ingat sa kanya ang ibang tao. Ang pagbabahaginan ay dapat isagawa para tukuyin kung mayroon bang praktikal na landas para sa kanyang mga ideya o wala. Kung pakiramdam ng nakararami na posibleng maisagawa ang kanyang ideya at mayroon itong landas ng pagsasagawa, kung gayon, dapat itong subukan sa loob ng ilang panahon para makita kung ano ang mga resulta bago gumawa ng desisyon.

Anumang aspekto ng katotohanan ang pinagbabahaginan ng iglesia o anumang problema ang nilulutas nito, ipapakita ng iba't ibang uri ng tao ang kanilang sarili. Matapos ang mahabang panahon ng pakikisalamuha, makikita kung sino ang tunay na nagmamahal at kayang tumanggap sa katotohanan, at kung sino naman ang mga nanggagambala at nanggugulo, hindi nag-aasikaso sa mga marapat nilang gampanin. Sa palagay ba ninyo, ang mga taong mahilig maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan at nagpiprisinta ng mga bagong ideya ay kayang tumanggap sa katotohanan at tumahak sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos? Sa tingin Ko, hindi madali para sa kanila na gawin ito. Ano ang papel na ginagampanan ng mga taong ito sa buhay iglesia? Ano ang mga kahihinatnan ng madalas nilang paglilitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan at hindi pag-aasikaso sa mga marapat na gampanin? Ginagambala at ginugulo nito ang buhay iglesia, gaya ng nakikita ng karamihan sa mga tao, at kung magpapatuloy ito, maaantala nito ang hinirang na mga tao ng Diyos sa paghahangad sa katotohanan at pagpasok sa realidad. Bagama't ang mga taong mahilig maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan ay hindi naman talaga masasamang tao, ang mga kahihinatnan ng kanilang mga kilos ay sobrang nakapipinsala sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at kasabay nito, ang kanilang mga kilos ay nakakaantala at nakakaapekto rin sa gawain ng iglesia. Kaya, paano dapat lutasin ang problemang ito? Paano dapat pangasiwaan nang nararapat ang mga taong mahilig maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan at magprisinta ng mga bagong ideya? Ang unang pamamaraan ay ito: Kung mahilig silang maglitanya ng mga ideyang

matatayog pakinggan at palagi silang may mga opinyon, hayaan muna silang magsalita, at pagkatapos, gumamit ng pagkilatis. Kahit sinuman, malaya ang lahat na magsalita at magpahayag ng mga opinyon; walang sinuman ang dapat maglimita nito. Ang sinumang tunay na may mga ideya at matatalinong kabatiran ay dapat pahintulutang magsalita at linawin ang mga ito, para hayaang makita ng lahat, at pagkatapos, makipagbahaginan at makipagtalakayan para makita kung ito ba ay tama, kung naaayon ba ito sa mga katotohanang prinsipyo, at kung mayroon bang anumang bahagi na puwedeng gamitin. Kung karapat-dapat itong matutunan at may kaunting pakinabang na makukuha rito, mabuti iyon; pero kung, pagkatapos ng pagbabahaginan at talakayan, natutukoy na walang halaga at hindi dapat gawin ang sinasabi nila, dapat itong isantabi. Sa pamamagitan ng pagsasagawa nang ganito, lahat ay lalago sa pagkilatis; sa tuwing may mangyayari, malalaman nilang lahat kung paano pagnilayan ang usaping ito, at mas mauunawaan nilang mabuti ang iba't ibang uri ng tao. Ang gayong pagsasagawa ay kapaki-pakinabang para sa hinirang na mga tao ng Diyos at hindi magdudulot ng kaguluhan sa gawain ng iglesia; tama ang ganitong uri ng pagsasagawa. Ang ikalawang pamamaraan ay ito: Kapag walang halaga ang sinasabi, at walang mapapalang pakinabang mula rito kahit na pinagbabahaginan at tinatalakay ito, dapat direktang tanggihan ang mga gayong suhestiyon, at hindi na kailangan pa ng anumang pagbabahaginan o talakayan. Kung paulit-ulit na binabanggit ng isang tao ang mga gayong walang kuwentang isyu at "matatalinong ideya," kaya ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nayayamot na at ayaw nang makinig sa kanya, hindi ba't dapat limitahan ang gayong tao? Pinakamainam na payuhan siya na magpakita ng higit na katwiran, na umiwas sa pagsasabi ng mga bagay na hindi dapat sabihin para hindi makaapekto sa iba. Kung walang katwiran ang taong ito at pinipilit niyang magpatuloy sa ganitong paraan, nagsasanhi ng kaguluhan sa buhay iglesia at lubhang iniinis ang lahat, hanggang sa nagagalit na ang mga ito, kung gayon, isa siyang masamang tao na nanggugulo sa buhay iglesia. Dapat siyang pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos para sa pag-aalis mula sa iglesia—paalisin siya sa iglesia; angkop ito. Sabihin ninyo sa Akin, anong uri ng mga tao ang karamihan sa mahilig maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan? Sila ba ang mga tipong naghahangad sa katotohanan? Taos-puso ba silang gumugugol ng kanilang sarili para sa Diyos? Tiyak na hindi. Kung ganoon, anong balak at intensiyon ang mayroon sila sa pagsasanhi ng mga gayong panggugulo sa buhay iglesia? Nangangailangan ito ng pagkilatis. Kung mayroon nang sapat na pagkaunawa ang lahat sa mga gayong tao, alam na walang talino, kakayahan, at katwiran ang mga taong ito—na sila ay sadyang mga taong mapurol ang isip—ang pinakaangkop na paraan para pangasiwaan sila kapag nagpapahayag sila ng kanilang "matatalinong ideya" ay ang pigilan at limitahan sila, patahimikin sila. Kung magpupumilit silang magsalita, magdulot ng mga kaguluhan sa buhay iglesia, kung gayon, dapat silang paalisin sa iglesia para maiwasan ang karagdagang problema. Sinasabi ng ilan, "Hindi ba't sinisira nito ang mga pagkakataon nila na maligtas?" Maling sabihin ito.

Ililigtas ba ng Diyos ang mga gayong tao? Kaya bang tanggapin ng mga taong may mga gayong disposisyon ang katotohanan? Kaya ba nilang magkamit ng kaligtasan nang hindi tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti? Hindi ba't napakahangal at napakamangmang na hindi man lang malinaw na maunawaan ang mga gayong usapin? Ano't anuman, ang mga madalas magsanhi ng mga kaguluhan sa buhay iglesia ay masasamang tao, at hindi sila inililigtas ng Diyos. Ang pagpapanatili sa loob ng iglesia ng isang taong hindi inililigtas ng Diyos, hindi ba't sadyang pamiminsala iyon sa hinirang na mga tao ng Diyos? Tunay bang mapagmahal ang isang taong naaawa sa gayong masasamang tao? Sa tingin Ko ay hindi; huwad ang pagmamahal ng taong iyon. Ang totoo, intensiyon niyang pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos. Samakatwid, dapat maging mapagbantay ang hinirang na mga tao ng Diyos laban sa sinumang nagtatanggol sa masasamang tao, hindi magpalihis sa mga maladiyablong salita nito. Ang ilang mahilig maglitanya ng mga ideyang matatayog pakinggan, bagama't tila hindi sila masasamang tao at hindi gumagawa ng mga halatang kasamaan, ay maaaring magdulot ng mga kaguluhan sa buhay iglesia sa pamamagitan ng palaging paglilitanya ng kanilang mga ideyang matatayog pakinggan; sa pinakamababa, ang mga taong ito ay naguguluhan. Sa palagay ninyo, maaari bang maligtas ang mga taong naguguluhan? Tiyak na hindi. Kung ang mga taong naguguluhan ay palaging nanggugulo sa buhay iglesia, dapat din silang paalisin sa iglesia. Hindi tinatanggap ng mga taong naguguluhan ang katotohanan, wala na silang pag-asa na magsisi, at ang katapusan nila ay kapareho ng sa masasamang tao. Masama man o naguguluhan, kung sila ay madalas na nanggagambala at nanggugulo sa buhay iglesia, hindi nakikinig sa payo, at nagsasalita nang walang preno na parang sirang kotse na hindi makahinto, hindi ba't ito ay tanda ng abnormal na katwiran? Ano ang magiging mga kahihinatnan kung magpapatuloy ang mga gayong naguguluhang tao na guluhin ang iglesia sa ganitong paraan sa loob ng mahabang panahon? Higit pa rito, kaya ba talaga nilang magsisi? Inililigtas ba ng Diyos ang mga gayong naguguluhang tao na may abnormal na katwiran? Kapag ganap nang naunawaan ang mga tanong na ito, magiging malinaw na kung paano dapat pangasiwaan ang ganitong mga indibidwal. Tiyak na hindi mahal ng mga taong naguguluhan ang katotohanan, at hindi nila ito maaabot. Ang mga taong naguguluhan ay hindi nakakaunawa sa wika ng tao; masasabi na walang normal na pagkatao at may pagkabaliw ang mga taong naguguluhan—sa totoo lang, sadyang wala silang silbi. Kaya bang magserbisyo nang maayos ng mga taong naguguluhan? Tiyak na masasabing hindi man lang nila kayang magserbisyo sa paraang pasok sa pamantayan dahil walang batayan ang kanilang katwiran; sila ay mga taong walang anumang nauunawaan. Kung nais magpakita ng pagmamahal ang isang tao sa mga taong naguguluhan, hayaan siyang suportahan ang mga taong naguguluhan. Ang saloobin ng sambahayan ng Diyos sa mga taong naguguluhan ay na dapat silang paalisin. Ang sinumang hindi tumatanggap sa katotohanan kahit kaunti, sinumang hindi taos-pusong gumagawa ng kanyang tungkulin, palaging pabasta-bastang gumagawa nito, ay dapat limitahan kung

madalas silang magdulot ng mga kaguluhan sa buhay iglesia. Kung may ilan sa kanila na nakakaramdam ng pagkakonsensiya at handang magsisi, dapat silang bigyan ng tsansa. Ang mga tao na may diwang hindi makilatis ay dapat pansamantalang panatilihin sa iglesia, pinahihintulutan ang hinirang na mga tao ng Diyos na pangasiwaan sila, obserbahan sila, at lumago ang kakayahang kumilatis. Kung mayroon namang mga palaging nanggagambala at nanggugulo at, sa kabila ng pagpupungos, ay nananatiling walang pag-asa na magsisi, patuloy na nakikipag-agawan para sa kasikatan at pakinabang, na binabatikos at ibinubukod ang mga positibong karakter—partikular na binabatikos iyong mga naghahangad sa katotohanan at kayang magbahagi ng mga patotoong batay sa karanasan, at iyong mga taos-pusong gumugugol ng kanilang sarili para sa Diyos at gumagawa ng kanilang mga tungkulin—kung gayon, ang mga indibidwal na ito ay masasamang tao at mga anticristo, sila ay mga hindi mananampalataya. Para sa mga gayong tao, hindi lang ito tungkol sa pagpipigil at paglilimita sa kanila; dapat silang paalisin kaagad sa iglesia para maiwasan ang mga problema sa hinaharap. Ang ganitong paraan ng pagsasagawa ay ganap na naaayon sa mga layunin ng Diyos.

Ang mga ito ang humigit-kumulang na iba't ibang pagpapamalas ng pakikipag-agawan para sa katayuan, mula sa maliliit na bagay hanggang sa malulubha. Ang maliliit na pagpapamalas ay pangunahing tumutukoy sa pangungutya sa mga lider at manggagawa gamit ang malulupit na salita, paghahanap ng maliliit na butas, at pambabatikos sa pagiging maagap ng mga lider at manggagawa, nang may layon na wasakin at siraan sila. Ang mga pinakamalubhang pagpapamalas ay ang direktang pagkontra sa mga lider at manggagawa sa lantarang paraan, naghahanap ng mga bagay na magagamit laban sa kanila, at nanghuhusga, kumokondena, nambabatikos at bumubukod sa kanila, at pagkatapos ay inihihiwalay sila, at pinipilit pa sila na umamin sa kamalian at magbitiw para maagaw ang kanilang katayuan. Ito ang mga pinakamalubhang isyu ng paggambala at panggugulo na nangyayari sa buhay iglesia. Ang mga taong lantarang nagpoprotesta laban sa mga lider o manggagawa at nakikipag-agawan para sa katayuan sa mga ito ay ang mga taong nanggugulo sa gawain ng iglesia at lumalaban sa Diyos, sila ay masasamang tao at mga anticristo, at hindi lang sila dapat pigilan at limitahan—kung malubha ang sitwasyon at kinakailangan na silang paalisin o patalsikin, kung gayon, dapat silang harapin ayon sa mga prinsipyo. May isa pang pagpapamalas ng pakikipag-agawan para sa katayuan: ang pagbubukod at pambabatikos sa mga taong higit na naghahangad sa katotohanan sa iglesia. Dahil may dalisay na pagkaarok ang mga taong naghahangad sa katotohanan, at mayroon silang karanasan at tunay na kaalaman sa mga salita ng Diyos, at madalas nilang pinagbabahaginan ang katotohanan para lutasin ang mga problema sa pagitan ng mga kapatid, at nang sa gayon ay napapatibay ang hinirang na mga tao ng Diyos, at unti-unting nagkakamit ng katanyagan sa iglesia, ang masasamang tao at mga anticristong ito ay naiinggit at sumusuway sa kanila, at ibinubukod at binabatikos sila ng mga ito. Ang anumang pag-uugali na binubuo ng pambabatikos o pagbubukod sa mga taong

naghahangad sa katotohanan ay direktang nagdudulot ng paggambala at panggugulo sa buhay iglesia. Maaaring hindi direktang pinupuntirya ng ilang tao ang mga lider ng iglesia, pero mayroon silang partikular na pagkasuklam at paghamak sa mga tao sa iglesia na nakakaunawa sa katotohanan at mayroong mga praktikal na karanasan. Ibinubukod at inaapi rin nila ang mga gayong tao, madalas na kinukutya at nililibak ang mga ito, naglalatag pa nga sila ng mga patibong para sa mga ito at nagpapakana laban sa mga ito, at iba pa. Bagama't ang ganitong mga problema ay hindi masyadong malubha kumpara sa pakikipag-agawan para sa katayuan sa mga lider ng iglesia pagdating sa kalikasan at mga sitwasyon ng mga ito, ang mga ito ay nagdudulot din ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, at dapat pigilan at limitahan. Kung apektado ang karamihan ng mga kapatid sa iglesia, at madalas silang nasasadlak sa pagkanegatibo at kahinaan—kung ang mga problema ay humahantong sa ganitong uri ng mga kahihinatnan, kung gayon, katumbas ang mga ito ng paggambala at panggugulo. Ang uri ng masamang tao na lumilikha ng mga pagkagambala at kaguluhan ay hindi dapat bastang limitahan lang; dapat siyang ipadala sa grupong B para ihiwalay at makapagnilay, o kung hindi ay paalisin siya. Ang mga taong gumagawa ng mga pagkilos na likas na nagsasanhi ng mga paggambala at panggugulo ay mga taong palagiang gumagawa ng kasamaan. Dapat pag-ibahin ang pagtrato sa pagitan ng masasamang tao na madalas gumagawa ng kasamaan at sa mga taong paminsan-minsan lang gumagawa ng kasamaan. Ang mga taong gumagawa ng sari-saring kasamaan ay mga anticristo; ang mga paminsan-minsang gumagawa ng kasamaan ay may mababang pagkatao. Kung may dalawang taong nagtatalo o hindi nagkakasundo dahil sa kanilang mga hindi magkatugmang personalidad, o dahil sa magkaiba ang kanilang mga pananaw kapag gumagawa ng mga bagay-bagay, o dahil may magkaiba silang paraan ng pagsasalita, pero hindi naman naaapektuhan ang buhay iglesia, kung gayon, wala itong kalikasan ng pagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan; iba ito sa masasamang taong nanggagambala at nanggugulo sa buhay iglesia. Ang lahat ng bagay na may kalikasan ng pagsasanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, na pinag-uusapan natin dito, ay mga pagpapamalas ng paggawa ng kasamaan ng masasamang tao. Kapag gumagawa ng kasamaan ang masasamang tao, ito ay palagian. Ang pinakakinamumuhian ng masasamang tao ay ang mga naghahangad sa katotohanan. Kapag nakikita nila na may isang taong naghahangad sa katotohanan na kayang magbahagi ng sarili niyang patotoong batay sa karanasan, at dahil dito ay hinahangaan ito ng iba, naiinggit at napopoot sila, at nag-aalab ang mga mata nila sa sobrang galit. Ang sinumang nagninilay-nilay at nakakakilala sa sarili, ang sinumang nagbabahagi ng kanyang mga praktikal na karanasan, at sinumang nagpapatotoo sa Diyos, ay nahaharap sa pangungutya, paninira, pang-aapi, pagbubukod, panghuhusga, at maging sa pang-uusig ng masasamang taong ito. Palagian silang kumikilos nang ganito. Hindi nila pinahihintulutan ang sinuman na maging mas mahusay sa kanila, hindi nila makayanang makakita ng mga taong mas mahusay sa kanila. Kapag may nakikita

silang isang tao na mas mahusay sa kanila, sila ay naiinggit, nagagalit, nagngangalit, at naiisip nilang pinsalain at pahirapan ang taong ito. Ang mga gayong tao ay nakapagdulot na ng matinding pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia at sa kaayusan ng iglesia, at ang mga lider at manggagawa ay dapat makipagtulungan sa mga kapatid sa paglalantad, pagpipigil, at paglilimita sa mga gayong indibidwal. Kung hindi posibleng limitahan sila, at hindi sila nagsisisi o nagbabago ng landas pagkatapos makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, kung gayon, sila ay masasamang tao, at ang masasamang tao ay dapat sukatin at tratuhin ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pag-aalis mula sa iglesia. Kung sa pamamagitan ng pagbabahaginan, nagkaroon ng kasunduan ang mga lider at manggagawa, at natutukoy nila na katumbas ito ng isang masamang taong nanggugulo sa iglesia, kung gayon, dapat pangasiwaan ang usapin ayon sa mga katotohanang prinsipyo: Dapat paalisin ang naturang tao sa iglesia. Hindi na dapat kunsintihin pa ang gayong masasamang tao na nanggugulo sa buhay iglesia. Kung malinaw sa mga lider at manggagawa na katumbas ito ng isang masamang tao na nagsasanhi ng kaguluhan, subalit nagmamaang-maangan pa rin sila at kinukunsinti nila ang masamang taong gumagawa ng kasamaan at nagsasanhi ng kaguluhan, kung gayon, sila ay nabibigo sa kanilang mga responsabilidad sa mga kapatid, at nagiging hindi tapat sa Diyos at sa atas ng Diyos.

Ang ilang tao ay tila maayos naman kung titingnan ang kanilang hitsura, pero ang totoo, ang IQ nila ay katulad ng sa isang tao na mapurol ang isip. Nagsasalita at kumikilos sila nang walang pag-unawa sa kung ano ang nararapat, wala silang pagkamakatwiran ng normal na pagkatao. Ang mga gayong tao ay mahilig ding makipag-agawan para sa katayuan at reputasyon, nakikipaglaban para sila ang may huling salita, at nakikipagkompetensiya para makuha ang pagpapahalaga ng iba. Sa buhay iglesia, madalas silang nagmumungkahi ng tila mga balido pero ang totoo ay mga nakalilinlang na pananaw at argumento para makakuha ng atensiyon at pagpapahalaga mula sa karamihan ng tao, ginugulo ang isipan ng mga tao, ginugulo ang kanilang tamang pagkaarok at kaalaman sa mga salita ng Diyos, at ginugulo ang kanilang positibong pag-unawa sa lahat ng bagay. Kapag nagbabahagi ang iba tungkol sa mga salita ng Diyos at sa kanilang mga dalisay na pag-unawa, madalas sumusulpot ang mga taong ito na parang mga payaso para igiit ang kanilang presensiya, at agawin ang atensiyon ng lahat, palaging gustong ipakita sa mga kapatid na mayroon silang alam na diskarte, at na matalino sila, at mataas ang kaalaman at edukado, at iba pa. Bagama’t wala pa silang malilinaw na layon pagdating sa kung sinong lider ang pupuntiryahin, o aling posisyon ng lider ang aagawin, napakalaki ng kanilang mga pagnanais at ambisyon na nakapagdulot na ng mga kaguluhan sa buhay iglesia ang kanilang mga salita at kilos, kaya dapat din silang limitahan ayon sa bigat ng sitwasyon at sa kalikasan nito. Pinakamainam na makipagbahaginan muna sa kanila tungkol sa katotohanan para magabayan sila nang tama, at mabigyan ng direksiyon sa kanilang asal, binibigyang-daan sila na magbago, at maunawaan kung paano mamuhay ng buhay iglesia nang

normal, kung paano makisalamuha sa iba, paano manatili sa kanilang nararapat na posisyon, at paano maging makatwiran. Kung ito ay dahil sa kanilang murang edad, kawalan ng kabatiran, at pagiging mayabang dahil bata pa, at kung nagsisi na sila pagkatapos ng paulit-ulit na pagbabahaginan, napagtatanto na ang mga dati nilang ikinilos ay mali, kahiya-hiya, at kinasusuklaman ng lahat, at nagdulot ng gulo sa lahat, at naipahayag nila ang kanilang paghingi ng tawad at pagsisisi para dito, hindi na ito kailangang ipamukha pa sa kanila—maaaring tulungan na lang sila nang may pagmamahal. Gayumpaman, kung ang kanilang mga maling kilos na nanggulo sa lahat ay hindi dahil sa pagiging mayabang dahil bata pa o sa kawalan ng pagkaunawa sa katotohanan, kundi sa halip ay bunsod ng mga lihim na motibo, at nagpapatuloy sila sa kanilang pag-uugali sa kabila ng paulit-ulit na pagsuway; at kung, higit pa rito, napungusan sila, at nakipagbahaginan sa kanila ang mga kapatid tungkol sa kalubhaan ng isyung ito—inalok na sila ng pagbabahaginan at tulong mula sa kapwa mga negatibo at positibong aspekto—subalit hindi pa rin nila makilala ang sarili nilang kalikasang diwa, hindi makita ang kaguluhang idinudulot ng mga kilos na ito sa iba at ang malulubhang kahihinatnan ng mga ito, at patuloy silang gumagawa ng mga panggugulo at paggambala sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga parehong pagkilos sa tuwing may pagkakataon sila, kung gayon, sa kasong ito, kinakailangan ang mas mahihigpit na hakbang. Kung binigyan sila ng sapat na mga pagkakataon para magsisi, pero hindi nila pinagninilayan o sinusubukang kilalanin ang kanilang sarili kahit kaunti, at gaano man nakipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, hindi pa rin sila nakakaunawa, at hindi rin nila alam kung paano kumilos nang makatwiran at nang naaayon sa mga prinsipyo, kundi sa halip, mapagmatigas silang kumakapit sa kanilang sariling paraan ng paggawa sa mga bagay-bagay, kung gayon, may problema nga sa mga taong ito. Sa pinakamababa, mula sa makatwirang pananaw, wala sila ng katwiran ng isang normal na tao. Ito ay kung titingnan ito sa panlabas. Kung titingnan ito sa usapin ng diwa, paano man makipagbahaginan sa kanila, hindi pa rin nila makikilala ang kalubhaan ng isyu, ni mahanap ang kanilang nararapat na posisyon, ni matanggap ang pagbabahaginan at tulong, o subukang magsagawa ayon sa landas na pinagbabahaginan ng mga kapatid—kung hindi nila makamit maging ang mga bagay na ito, kung gayon, hindi lang kawalan ng katwiran ang problema nila, kundi isang problema rin sa kanilang pagkatao. Bagama't mukhang hindi nila sinasadyang magsanhi ng mga pagkagambala at kaguluhan, ang mga gawang ito ay tiyak na hindi masasabing walang intensiyon, bagkus, ang mga ito ay ginawa nang may balak at mga motibo. Kung isasantabi kung ano ang maaaring mga motibo o layunin ng mga indibidwal na ito, kung ang sinasabi at ginagawa nila ay lubhang nakakagambala at nakakagulo sa buhay pagpasok ng mga kapatid, at sa buhay iglesia, na nagiging dahilan para walang anumang makamit ang maraming tao mula sa pamumuhay ng buhay iglesia, hanggang sa puntong ayaw nang makipagtipon ng iba dahil lang sa naroroon sila, o sa tuwing nagsasalita sila, nawawalan ng gana ang mga tao at gustong umalis, kung gayon, nagiging malubha ang kalikasan ng problemang

ito. Paano dapat pangasiwaan ang mga gayong tao? Kung patuloy pa rin nilang ginagawa ang mga bagay na ito kahit na maraming beses na silang binigyan ng pakikipagbahaginan at tulong, at binigyan ng mga pagkakataon na makapagsisi, kung gayon, ang kanilang kalikasang diwa ang may problema. Hindi sila mga taong taos-pusong nananampalataya sa Diyos at kayang tumanggap sa katotohanan, sa halip, mayroon silang ibang adyenda. Kung titingnan ang kanilang kalikasang diwa, ang mga paggambala at panggugulo na idinudulot nila sa buhay iglesia ay talagang hindi sinasadya, bagkus, mayroong layon at mga motibo ang mga taong ito. Kung bibigyan ng karagdagang mga oportunidad ang mga gayong tao, patas ba iyon para sa hinirang na mga tao ng Diyos na normal na namumuhay ng buhay iglesia? (Hindi.) Ganito na kalawak na naibunyag ang problema sa mga gayong indibidwal; kung bibigyan pa rin sila ng mga pagkakataon na magsisi, na ang resulta ay mauuwi lang sa paggawa nila ng mas higit pang kasamaan, na nagtutulak sa mas maraming tao sa pagkanegatibo, kahinaan, at kawalan ng magagawa, kung gayon, sino ang magbabayad sa kawalang ito? Samakatwid, kung ang mga indibidwal na ito ay binigyan na ng pakikipagbahaginan at mapagmahal na tulong, o kung may hakbang na ginawa para pigilan at limitahan sila, pero hindi pa rin nila binabago ang kanilang mga dating gawi, at nagpapatuloy sila sa kanilang dating pag-uugali, kung gayon, dapat silang pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo: Sa magagaang kaso, dapat silang ibukod; sa mabibigat na kaso, dapat silang paalisin sa iglesia. Ano ang tingin ninyo sa prinsipyong ito? Ito ba ay tungkol sa walang awang pambabatikos sa isang tao nang hindi siya binibigyan ng pagkakataon na magsisi? O ito ba ay di-makatarungang paggawa ng desisyon nang hindi gumagamit ng anumang pagkilatis at malinaw na pagkaunawa kung ano talaga ang kalikasang diwa nila? (Hindi.) Kung, sa kabila ng pakikipagbahaginan at tulong sa kanila, at pagbibigay ng mga pagkakataon na makapagsisi, hindi pa rin nagbago kahit kaunti ang mga gawi at disposisyon ng mga taong ito, at hindi rin sila nagsisisi, nananatili pa rin na tulad ng dati—kung saan ang tanging kaibahan lang ay na ang ginagawa nila dati nang hayagan at kitang-kita ay ginagawa na nila ngayon nang palihim at patago, pero nananatiling pareho ang panggugulo at paggambala—kung gayon, hindi na sila maaaring panatilihin ng iglesia. Ang mga gayong tao ay hindi mga kasapi ng sambahayan ng Diyos; hindi sila mga tupa ng Diyos. Ang presensiya nila sa sambahayan ng Diyos ay para lang magdulot ng mga panggugulo at paggambala, at sila ay mga alipin ni Satanas, hindi mga kapatid. Kung palagi mo silang tatratuhin bilang mga kapatid, patuloy na susuportahan at tutulungan sila, at nakikipagbahaginan sa katotohanan kasama nila, at mauuwi ito sa pag-aaksaya ng napakaraming pagsisikap nang hindi nagkakaroon ng anumang bunga, hindi ba't kahangalan iyon? Higit pa ito sa kahangalan; ito ay kabobohan, ganap na kabobohan!

Kung titingnan ang kalikasan ng mga problema, ang iba't ibang pagpapamalas at ang mga uri ng mga tao, pangyayari, at bagay na sangkot sa pakikipag-agawan para sa katayuan ay karaniwang maaaring ikategorya sa tatlong klaseng ito. Ang pakikipag-agawan para sa katayuan ay isang karaniwang isyu sa buhay iglesia, na lumilitaw sa

iba’t ibang grupo ng mga tao at sa iba’t ibang aspekto ng buhay iglesia. Tungkol naman sa mga taong nakikipag-agawan para sa katayuan, sa magagaang kaso, dapat silang bigyan ng sapat na pagbabahaginan sa katotohanan para suportahan at tulungan sila, nang sa gayon ay maunawaan nila ang katotohanan, at mabigyan sila ng pagkakataong magsisi. Kung mabigat naman ang kaso, dapat silang mahigpit na subaybayan, at sa sandaling matuklasan na nagsasalita at kumikilos sila nang may pakay na magkamit ng isang partikular na motibo o layon, dapat silang pigilan at limitahan kaagad. Kung lalong mas mabigat ang kaso, dapat silang pakitunguhan at pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo ng iglesia para sa pagpapaalis at pagpapatalsik sa mga tao. Ito ang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa kapag lumitaw sa buhay iglesia ang mga tao, pangyayari, at bagay na ito na sangkot sa pakikipag-agawan para sa katayuan. Siyempre, nangangailangan din ito ng pagkilos ng lahat ng kapatid at ng pakikipagtulungan nila sa mga lider at manggagawa sa gawaing ito, magkakasamang nililimitahan ang iba’t ibang pag-uugali at kilos ng masasamang tao na nagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan, tinitiyak na wala nang paggambala at panggugulo ng masasamang tao sa buhay iglesia, pinagsusumikapan na masiguro na ang bawat okasyon ng buhay iglesia ay binibigyang-liwanag ng Banal na Espiritu, puno ng kapayapaan at kagalakan at ng presensiya ng Diyos, at may pagpapala at patnubay ng Diyos, at masiguro na ang bawat pagtitipon ay isang oras ng pagtatamasa at pakinabang. Ito ang pinakamagandang uri ng buhay iglesia, ang ninanais na makita ng Diyos. Ang pagsasagawa sa gawaing ito ay medyo komplikado para sa mga lider at manggagawa, dahil kasangkot dito ang mga ugnayang pantao, at may kinalaman din dito ang reputasyon at mga interes ng mga tao, at pati na rin ang antas ng pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan, na medyo ginagawang mahirap ang gawaing ito. Gayumpaman, kapag lumitaw na ang mga problema, huwag mong iwasan ang mga ito, at huwag maliitin bilang mga simpleng isyu ang malalaking isyu at huwag hayaan sa huli na hindi malutas ang mga ito; hindi rin dapat harapin ang mga ito gamit ang mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, sa pamamagitan ng pagbubulag-bulagan sa mga ito. Higit pa rito, huwag maging isang mapagpalugod ng tao, sa halip, tratuhin ang iba’t ibang uri ng mga taong nakikipag-agawan para sa katayuan nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Malinaw ba ang pagbabahaginang ito? (Oo.) Kung gayon, dito nagtatapos ang ating pagbabahaginan tungkol sa ikalimang isyu.

VI. Pakikibahagi sa mga Di-wastong Ugnayan

Ang ikaanim na isyu na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia ay ang pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan. Hangga’t nakikipag-ugnayan at nakikipagtipon ang mga tao nang magkakasama, magkakaroon ng buhay pampamayanan, at lilitaw mula rito ang iba’t ibang ugnayan. Kaya, alin sa mga ugnayang ito ang wasto at di-wasto? Pag-usapan muna natin kung ano ang bumubuo sa mga wastong ugnayan, at pagkatapos ay pagbahaginan natin ang

mga di-wastong ugnayan. Kapag nagkikita-kita at nagbabatian ang mga kapatid, maaaring nagsasabi sila ng mga bagay gaya ng, “Kumusta ka na? Maayos ba ang kalusugan mo? Papasok na ba ang anak mo sa high school sa susunod na taon? Kumusta naman ang negosyo ng asawa mo?” Maituturing ba na wastong ugnayan ang pagbabatiang ito? (Oo.) Bakit ninyo nasasabi iyon? Dahil kapag ang dalawang taong matagal nang hindi nagkikita ay nagkakasama, ang pagbabatian nang kaunti ay ang pinakapangunahing etiketa, at ang pinakapundamental na paraan ng pagpapakita ng malasakit at pagbati. Ang mga ito ay pawang mga salita, kilos, at kaugnay na paksa na binabanggit ng mga tao sa loob ng saklaw ng normal na pagkatao. Batay sa kanilang pag-uusap hanggang ngayon, malinaw na wasto naman ang ugnayan nila. Ang kanilang diyalogo ay nakabatay pareho sa etiketa at normal na pagkatao, at mula sa dalawang puntong ito, matutukoy na ang ugnayan sa pagitan ng dalawang taong nag-uusap ay wasto, kumakatawan sa isang normal na ugnayang pantao. Kung ang dalawang tao ay lubos nang pamilyar sa isa’t isa, pero kapag nagkikita sila, pareho silang nakasimangot at hindi nakikipag-usap sa isa’t isa, at kapag nagkakatinginan sila, nagliliyab sa pagkamapanlaban ang mga mata nila, normal ba ang ganitong ugnayan? (Hindi.) Bakit hindi ito normal? Paano ba ito dapat matukoy mismo? Kapag nagkikita ang dalawang tao pero hindi sila nagbabatian o nagsasabihan man lang ng “hi,” at lalo na, hindi nakikibahagi sa normal na pag-uusap at diyalogo, halata na ang mga pagpapamalas nila ay hindi sumasalamin sa kung ano ang inaasahan ng normal na pagkatao. Ang ugnayan nila ay hindi isang normal na ugnayang pantao; medyo baluktot ito, pero hindi pa rin ito maituturing na di-wastong ugnayan, medyo malayo pa rin ito sa ganoong antas. Sa pangkalahatan, kung ang ugnayan sa pagitan ng mga tao ay naitatag batay sa normal na pagkatao, kung saan ang mga indibidwal ay maaaring makipag-ugnayan at makihalubilo nang normal ayon sa mga prinsipyo, at tumutulong, sumusuporta, nagtutustos para sa isa’t isa, ang lahat ng ito ay nagpapahiwatig ng wastong ugnayan sa pagitan ng mga tao. Ang ibig sabihin nito ay pangangasiwa sa mga usapin sa propesyonal na paraan, hindi nakikipagtransaksiyon, walang mga nagkakapatong-patong na interes, at lalong walang halong pagkamuhi, at kung saan ang mga kilos ay hindi inuudyukan ng mga pagnanais ng laman. Ang lahat ng ito ay nasa saklaw ng mga wastong ugnayan. Hindi ba’t napakalawak ng saklaw na ito? Ang mga normal na ugnayang pantao ay kinapapalooban ng diyalogo at komunikasyon sa loob ng saklaw ng normal na pagkatao, nakikisalamuha at nakikihalubilo sa iba, at nagtutulungan batay sa konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Sa mas mataas na antas, kasama rito ang pakikisalamuha at pakikihalubilo ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ay isang pangkalahatang depinisyon ng mga wastong ugnayang pantao sa pagitan ng mga tao. Ang pagbati sa isa’t isa kapag nagkikita ay ang pinakanormal na uri ng pakikisalamuha. Ang kakayahang bumati at makipag-usap nang normal nang hindi nagmamayabang, hindi nagpapanggap na may pagkagiliw kapag wala naman, hindi umaakto bilang nakatataas, nagsasalita nang hindi inaapi o itinataas ang sarili,

nagsasalita at nakikipag-usap nang normal—ganito dapat magsalita at makipag-usap ang mga nagtataglay ng normal na pagkatao, at ito ang pangunahing paraan ng pakikisalamuha sa loob ng mga normal na ugnayang pantao. Kahit papaano, ang hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat magtaglay ng konsensiya at katwiran, at makisalamuha, makihalubilo, at makipagtulungan sa iba ayon sa mga prinsipyo at pamantayang hinihingi ng Diyos sa mga tao. Ito ang pinakamainam na pamamaraan. Nakapagpapalugod ito sa Diyos. Kaya, ano ang mga katotohanang prinsipyo na hinihingi ng Diyos? Na maging maunawain ang mga tao sa iba kapag ang iba ay mahina at negatibo, maging mapagsaalang-alang sa pasakit at mga paghihirap, at pagkatapos ay mag-usisa sa mga bagay na ito, mag-alok ng tulong at suporta, at basahan sila ng mga salita ng Diyos para tulungan silang malutas ang kanilang mga problema, binibigyang-daan silang makaunawa sa mga layunin ng Diyos at huminto sa pagiging mahina, at dinadala sila sa harap ng Diyos. Hindi ba't naaayon sa mga prinsipyo ang ganitong paraan ng pagsasagawa? Ang pagsasagawa sa ganitong paraan ay naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Natural na ang ganitong mga uri ng ugnayan ay mas lalo pang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kapag ang mga tao ay sadyang nagsasanhi ng mga panggugulo at paggambala, o sadyang ginagawa nang pabasta-basta ang kanilang tungkulin, kung nakikita mo ito at nagagawa mong ipaalam ang mga bagay na ito sa kanila, sawayin sila, at tulungan sila ayon sa mga prinsipyo, naaayon ito sa mga katotohanang prinsipyo. Kung magbubulag-bulagan ka, o kukunsintihin mo ang pag-uugali nila at pagtatakpan sila, at kung aabot ka pa nga sa pagsasabi ng magagandang bagay para purihin at hangaan sila, ang ganitong mga paraan ng pakikisalamuha sa mga tao, pagharap sa mga isyu, at pangangasiwa sa mga problema ay malinaw na salungat sa mga katotohanang prinsipyo, at walang batayan sa mga salita ng Diyos. Kaya, ang mga paraang ito ng pakikisalamuha sa mga tao at pagharap sa mga isyu ay malinaw na di-wasto, at talagang hindi ito madaling matuklasan kung hindi hihimayin at kikilatisin ang mga ito ayon sa mga salita ng Diyos. Ang mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan ay malamang na hindi rin makakakilala sa mga isyung ito, at kahit na kilalanin nila na ang mga ito ay problema, hindi madali para sa kanila na lutasin ang mga ito. Madalas nating sinasabi na ang tiwaling sangkatauhan ay pawang namumuhay ayon sa disposisyon ni Satanas, at ang mga pagpapamalas na ito ay patunay niyon. Ngayon, malinaw mo ba itong nakikita?

Ang pangunahing pokus ng ating pagbabahaginan ngayon ay ang ilantad ang mga pagpapamalas ng apat na klase ng mga di-wastong ugnayan na nagdudulot ng mga paggambala at panggugulo sa buhay iglesia. Sino-sino ang mga nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan sa loob ng iglesia? Ano nga ba ang bumubuo sa isang di-wastong ugnayan? Aling mga isyu ang kinasasangkutan kapag nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan? Dahil ang pangunahing paksa ng pagbabahaginan natin ay may kinalaman sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na gumagambala at gumugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia, ang talakayang ito tungkol sa mga di-wastong

ugnayan ay nakatuon lang sa mga nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia. Hindi natin basta-bastang pinagsasama-sama ang lahat ng uri ng di-wastong ugnayan, at ang mga usapin sa labas ng buhay iglesia ay hindi na natin problema. Dapat mong maarok ang usaping ito nang dalisay, nang walang paglihis. Kaya, pagdating sa nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan, aling mga isyu at aling mga ugnayan sa pagitan ng mga tao ang hindi wasto? Aling mga di-wastong ugnayan ang nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia at sa karamihan sa mga tao? Karapat-dapat bang pagbahaginan ang mga isyung ito? (Oo.) Ang mga bagay na ito ay mga usaping dapat malinaw na talakayin sa ating pagbabahaginan.

A. Mga Di-wastong Ugnayan sa Pagitan ng mga Kasarian

Sa buhay iglesia, alin ang pinakakaraniwan, madaling maunawaan, at agad na nailalarawan na uri ng di-wastong ugnayan? (Mga ugnayan sa pagitan ng mga kasarian.) Ito ang unang aspekto na pumapasok sa isipan ng mga tao kapag naiisip nila ang mga di-wastong ugnayan. May ilang tao na, kapag nasa isang grupo, palaging nakikipaglandian sa kabilang kasarian; gumagawa sila ng mga kilos at ekspresyon na mapang-akit, nagsasalita sa partikular na paraang may ipinapahayag, at mahilig magpakitang-gilas. Sa hindi desenteng termino, ito ay pagwawagayway ng seksuwalidad ng isang tao. Gusto nilang magmukhang matalino, mabiro, romantiko, maginoo, bayani, kaakit-akit, at edukado, kasama pa ang iba pang mga katangian, sa harap ng kabilang kasarian; talagang nasisiyahan sila sa pagpapakitang-gilas. Bakit sila nagpapakitang-gilas? Hindi ito para makipag-agawan para sa katayuan, kundi para akitin ang kabilang kasarian. Kapag mas maraming miyembro ng kabilang kasarian ang nagbibigay-pansin sa kanila, sinusulyapan sila nang may paghanga, paggalang, at pagkagiliw, mas lalo silang nasasabik at sumisigla. Habang gumugugol sila ng mas maraming oras sa pakikilahok sa buhay iglesia at nakikipag-ugnayan sa mas maraming tao, pinupuntirya nila ang ilang indibidwal, nakikipaglandian at nakikipagtinginan sa ilang nasa kabilang kasarian, madalas na nagsasalita nang mapanukso, nang may bahid pa nga ng pang-aabusong seksuwal. Wasto ba ang ganitong ugnayan sa pagitan ng mga tao? (Hindi.) Ito ay bumubuo ng pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan. Ginagamit pa nga ng mga gayong indibidwal ang mga oras ng pagtitipon para magpakitang-gilas, nagsasalita para magmukhang talagang matalino at kaakit-akit sa harap ng taong gusto nila o interesado sila, kumikilos at sumusulyap nang mapang-akit, nakapinta ang ekspresyon ng pagwawagi at pagkasabik, at lumulukso-lukso pa nga sa paligid, lahat ng ito ay para sa anong pakay? Ito ay para akitin ang kabilang kasarian sa isang di-wastong ugnayan. Sa kabila ng pagkasuklam na nararamdaman ng maraming kapatid tungkol dito, at sa kabila ng maraming babala mula sa mga nasa paligid nila, hindi pa rin sila tumitigil at nagpapatuloy pa rin sila sa kanilang walang pakundangang pang-aakit. Kung ang mga gayong di-wastong ugnayan ay kinasasangkutan lang ng dalawang taong naglalandian sa labas ng buhay iglesia at hindi naman nakakaapekto sa buhay iglesia o sa gawain ng iglesia,

maaaring isantabi muna ang usapin. Gayumpaman, kung ang mga taong nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan ay palagiang umaasal nang gayon sa loob ng buhay iglesia at nagdudulot ng mga kaguluhan sa iba, dapat silang bigyan ng babala at limitahan. Kung mananatili silang hindi na magbabago sa kabila ng paulit-ulit na paalala at lubha na nilang nagulo ang buhay iglesia, dapat na silang paalisin sa iglesia sa pamamagitan ng pagboto ng hinirang na mga tao ng Diyos. Angkop ba ang pamamaraang ito? (Oo.) Kung ito ay mga kabataan lang na normal na nagliligawan, dapat din silang maging maingat sa mga pagtitipon para hindi makaapekto sa iba. Ang iglesia ay isang lugar para sambahin ang Diyos, magdasal-magbasa ng mga salita ng Diyos, at mamuhay ng buhay iglesia; ang mga personal na pagkagiliw ay hindi dapat dalhin sa buhay iglesia para makagulo sa iba. Kung nagdudulot ito ng mga kaguluhan sa iba, nakakaapekto sa kanilang lagay ng loob habang nasa mga pagtitipon, at nakakaapekto sa pagbabasa ng iba sa mga salita ng Diyos at sa pag-unawa at kaalaman nila sa mga salita ng Diyos, nakakaabala at nakakagulo sa mas maraming tao, ang gayong ugnayan ay mailalarawan bilang isang di-wastong ugnayan. Maging ang lehitimong pagliligawan, kung nakakagulo ito sa iba, ay mailalarawan bilang isang di-wastong ugnayan, lalo na ang pang-aakit sa kabilang kasarian nang walang relasyon. Kaya naman, kung may isang taong nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan sa loob ng buhay iglesia, hindi siya dapat palihim na pahintulutan o kunsintihin, kundi dapat siyang bigyan ng mga babala, mga limitasyon, at maaaring paalisin pa nga ayon sa mga prinsipyo. Ito ang gawaing dapat isagawa ng mga lider at manggagawa. Kung matutuklasan na ang isang tao ay nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan at nakakapagdulot ng mga kaguluhan sa karamihan ng tao sa iglesia, kung saan ang kanyang presensiya ay nagtutulak sa iba na maabala at masilo ng mahahalay na pag-iisip, na nauuwi pa nga sa pagkakawatak-watak ng mga pamilya at nagiging dahilan para mawalan ng interes ang ilang bagong mananampalataya sa mga pagtitipon, pagbabasa ng mga salita ng Diyos, o maging sa pananalig mismo, sa halip ay mas napapamahal sa taong minumutya nila, nagnanais na makipagtanan dito at mamuhay nang magkasama, at talikuran ang kanilang pananalig—kung umabot na sa ganitong antas ang kabigatan ng sitwasyon, pero hindi ito sineseryoso ng mga lider at manggagawa, iniisip na simpleng pagnanasa lang ito ng tao, na hindi ito malaking bagay, at isa itong bagay na ginagawa ng lahat ng ordinaryong tao, hindi nakikita ang kalubhaan ng problema o lalong hindi napagtatanto kung gaano maaaring lumala ang problema, bagkus ay binabalewala lang ito, nagiging lubos na manhid at mapurol sa kanilang tugon sa mga gayong usapin, na sa huli ay nagdudulot ng masasamang epekto sa karamihan ng nasa iglesia—ang kalikasan ng mga insidenteng ito ay bumubuo ng mga lubhang paggambala at panggugulo. Bakit Ko sinasabi na bumubuo ito ng malulubhang paggambala at panggugulo? Dahil ang mga insidenteng ito ay gumugulo at sumisira sa normal na kaayusan ng buhay iglesia. Samakatwid, sa sandaling lumitaw ang mga gayong indibidwal sa iglesia, dapat silang limitahan, gaano man sila kakaunti o karami, sinisiguro na natutugunan ang bawat kaso,

at kung malala ang sitwasyon, dapat silang ibukod. Kung hindi nagbubunga ng mga resulta ang pagbubukod, at patuloy nilang inaakit ang kabilang kasarian, ginugulo ang buhay iglesia, at sinisira ang normal na kaayusan ng iglesia, kung gayon ay dapat silang paalisin sa iglesia ayon sa mga prinsipyo. Angkop ba ang pamamaraang ito? (Oo.) Ang epekto ng mga gayong usapin sa buhay iglesia at sa gawain ng iglesia ay lubhang nakapipinsala; ang mga ito ay katulad ng isang salot, at dapat na puksain.

Ang bawat taong mahilig mang-akit ng kabilang kasarian ay ginagawa ito saanman sila magpunta, walang sawang nagpapakita ng mga gayong pag-uugali. Madalas na bata ang edad at maganda ang mga taong pinupuntirya nila ng pang-aakit at panliligalig, pero minsan, sinasangkot din nila ang mga taong nasa gitnang edad—ang sinumang kahali-halina sa kanilang paningin, aktibo silang naghahanap ng mga pagkakataon para makapang-akit. Kung nilalayon nilang akitin ang iba, may ilang tao na hindi kayang labanan ang panghahalina at mahuhulog dito, na madaling humahantong sa mga di-wastong ugnayan. Dahil napakababa ng tayog ng mga tao at wala silang tunay na pananalig sa Diyos, pati na ng pagkaunawa sa katotohanan, paano nga ba nila malalampasan ang mga tuksong ito at malalabanan ang mga gayong panghahalina? Napakababa ng tayog ng mga tao; lubha silang mahina at walang magawa kapag nahaharap sa mga tukso at panghahalinang ito. Mahirap para sa kanila na manatiling hindi apektado. May isang lalaking lider noon na nagtatangkang akitin ang sinumang magandang babaeng makita niya; kung minsan, hindi sapat ang mang-akit ng isa lang—maaaring akitin niya ang tatlo o apat na babae, binibihag ang lahat ng ito hanggang sa mawalan sila ng ganang kumain at hindi makatulog, at mawalan pa nga ng pagnanais na gawin ang kanilang mga tungkulin. Gayon ang “gayuma” ng lalaking ito. Kung nakisalamuha lang siya nang normal sa mga tao, nang hindi sinasadyang subukan na akitin sila, hindi sana magiging ganoon kalawak ang impluwensiya niya. Noong sadya siyang magpakitang-gilas at mang-akit ng iba, saka lang lalong dumami ang mga taong nahulog dito, na nagpataas sa bilang ng mga naakit niyang magkaroon ng mga di-wastong ugnayan sa kanya. Nawalan ng lakas ang mga tao na lumaban at nahulog sila sa mga tuksong ito. Iyan ang “gayuma” ng pagnanasa; ang ginawa niya ay lumikha ng mga tukso, panghahalina, at kaguluhan sa magkabilang panig. Isang lalaki na nang-aakit ng ilang babae nang sabay-sabay—nabagabag ba ang puso niya o ano? Sinong babae ang unang aasikasuhin, sino ang unang palulugurin—hindi ba’t sobrang mapapagod ang isipan niya? (Oo.) Kung masyado itong nakakapagod, bakit pa nga ba siya patuloy na umaasal nang ganito? Ito ay kabuktutan; ganitong uri siya ng nilalang, ito ang kalikasan niya. Sa sandaling maakit ang mga biktima at mahulog sa tukso, madali ba para sa kanila na makatakas sa tukso? Sa sandaling mahulog na sa tukso, magiging mahirap nang tumakas. Kumakain, natutulog, naglalakad, gumagampan ng mga tungkulin—anuman ang ginagawa nila, wala silang ibang iniisip kundi ang taong ito, nilalamon ng taong ito ang puso nila. Ang mga gayong kaguluhan ay lubhang malala! Kasunod nito ang palagiang pag-iisip kung paano palugurin ang taong ito, kung paano ibuhos ang sarili sa taong ito, kung

paano makuha ang loob nito, kung paano sarilinin ang taong ito, kung paano makipagkompetensiya at makipaglaban sa ibang mga karibal. Hindi ba't ang mga ito ang mga kahihinatnan ng pagkabagabag? Madali bang makaalis sa gayong kalagayan? (Hindi ito madali.) Ang mga kahihinatnan ay nagiging malala. Sa panahong ito, mapapayapa pa rin ba ang puso ng isang tao sa harap ng Diyos? Kapag binabasa niya ang mga salita ng Diyos, mauunawaan pa rin ba niya ang mga ito? Magkakaroon pa rin ba siya ng liwanag? Sa oras ng mga pagtitipon, gaganahan pa rin ba siyang pagnilayan at pagbahaginan ang mga salita ng Diyos, at makinig sa pagbabahagi ng iba sa mga salita ng Diyos? Hindi na; mapupuno ng pagnanasa ang puso niya, nakapaloob doon ang kanyang minumutya, walang puwang para sa anumang seryosong usapin—maging ang Diyos ay mawawala sa puso niya. Ang susunod ay pagninilay-nilay kung paano mararanasan ang pag-ibig, kung paano maging romantiko, at iba pa, at tuluyan nang mawawala ang pagnanais na manampalataya sa Diyos. Mabuti ba ang mga kahihinatnang ito? Ito ba ang nais makita ng mga tao? (Hindi.) Ang mga kahihinatnan ba ng pagkaakit at pagkahulog sa tukso ay isang bagay na kayang pigilan ng mga tao? Kaya bang kontrolin ng mga tao ang mga kahihinatnang ito? Maaari bang sila ang magdesisyon? Kaya ba nilang umabot sa antas na magagawa nilang huminto kapag gusto nila sa puso nila? Hindi ito makakamit ng sinuman. Ito ang mga kahihinatnan sa mga tao ng mga kaguluhang idinulot ng mga gayong di-wastong ugnayan. Kapag wala ang Diyos sa puso ng isang tao, at ayaw na niyang basahin ang mga salita ng Diyos, ano ang mga kahihinatnan? May pag-asa pa ba na maligtas? Nawawala ang pag-asang maligtas. Ang lahat ay nawawala; ang mga kakarampot na doktrinang naunawaan dati, ang determinasyon at kapasyahang igugol ang sarili para sa Diyos, at ang pagnanais na makamit ang pagliligtas ng Diyos ay pawang iwinawaksi—ang mga ito ang mga kahihinatnan. Lumalayo ang mga tao sa Diyos at itinatakwil nila ang Diyos sa puso nila, at itinatakwil din sila ng Diyos. Ang kahihinatnang ito ay hindi isang bagay na ninanais makita ng sinumang nananampalataya at sumusunod sa Diyos, hindi rin ito isang katunayan na kayang tanggapin ng sinumang tagasunod ng Diyos. Gayumpaman, sa sandaling mahulog ang mga tao sa mga gayong tukso at mahuli sa alimpuyo ng mga di-wastong ugnayan, mahihirapan silang palayain ang kanilang sarili at mas lalo pang hindi nila makontrol ang kanilang sarili. Kaya naman, ang mga gayong di-wastong ugnayan ay dapat limitahan. Sa malulubhang kaso, iyong mga palaging nanggugulo at nanliligalig sa kabilang kasarian, dapat silang agaran at mabilis na alisin sa iglesia, para hindi sila makagulo sa buhay iglesia, at higit pa roon, para mapigilan ang mas maraming tao na masilo sa tukso. Makatwiran ba ang pamamaraang ito? (Oo.)

Sa ikalabindalawang aytem ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, dapat nilang ibuhos ang kanilang buong pagsusumikap sa bawat gampanin para masiguro na makakapamuhay ng normal na buhay iglesia ang hinirang na mga tao ng Diyos, pinangangalagaan ang mga kapatid mula sa anumang panghihimasok o mga kaguluhan sa buhay iglesia. Nangangahulugan ito ng pagprotekta sa lahat ng kapatid

na may kakayahang mamuhay ng normal na buhay iglesia. Ano nga ba mismo ang dapat maprotektahan? Dapat maprotektahan ang mga kapatid nang sa gayon ay maaari silang lumapit sa Diyos nang may katahimikan sa oras ng mga pagtitipon at mapayapang magdasal-magbasa at magbahaginan ng mga salita ng Diyos; kasabay nito, dapat makapagdasal sa Diyos ang mga kapatid nang may iisang puso at isipan, magawang hangarin ang mga layunin ng Diyos, hanapin ang kaliwanagan at pagtanglaw mula sa Diyos, kamtin ang presensiya ng Diyos, at tanggapin ang Kanyang mga pagpapala at patnubay. Ito ang pinakamalaki at pinakamahalagang interes ng lahat ng kapatid, at mahalaga ito sa lahat; nauukol ito sa kung maaari ba silang maligtas at kung maaari ba silang magkaroon ng magandang hantungan. Kaya, kinakailangang mahigpit na limitahan, ibukod, o paalisin iyong mga nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan sa loob ng iglesia; lalo na iyong mga nakikibahagi sa mga ugnayan sa pagitan ng mga kasarian, dapat silang mahigpit na pangasiwaan. Ano ang ibig sabihin ng pangangasiwa? Kung maliit na kaso lang ito, dapat silang ilantad at pungusan, at pigilan at limitahan kaagad, at hadlangan na makaapekto sa iba. Kung malubhang kaso ito, kinakailangang kumilos nang desidido at nang walang pag-aalinlangan; dapat silang paalisin sa iglesia sa lalong madaling panahon para mapigilan sila na makapanggulo ng mas marami pang tao. Kung nais nilang magsanhi ng mga kaguluhan, hayaan silang gawin ito sa mundo sa labas, ginugulo ang sinumang nais nilang guluhin; sapat nang sabihin na ang lahat ng kapatid sa buhay iglesia na naghahangad sa katotohanan ay hindi nila dapat guluhin. Ito ang pangunahing prinsipyo at layon para sa gawain ng mga lider at manggagawa kaugnay sa ikalabindalawang responsabilidad na ito.

B. Mga Ugnayang Homoseksuwal

Tungkol sa isyu ng mga di-wastong ugnayan, ang pangunahin nating pinagbahaginan ngayon lang ay ang pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan sa pagitan ng mga kasarian. Kabilang dito ang pang-aakit, panghahalina, pagpapakitang-gilas, at panunukso sa kabilang kasarian; aktibong lumalapit at nagtatangkang makipaglapit sa kanila; at madalas na sinasadya o hindi sinasadyang umupo malapit sa kanila sa mga pagtitipon; dagdag pa rito, hindi lang iisang tao ang inaakit, kundi lumilipat sa iba pagkatapos mabigo sa unang pagtatangka, kaya't maraming miyembro ng kabilang kasarian sa iglesia ang naliligalig. Kapag ganito na ang sitwasyon, nagiging malubha na ang isyung ito. Sinasaklaw nito ang mga di-wastong ugnayan sa pagitan ng mga kasarian. Bukod sa mga ugnayan sa kabilang kasarian, may ilan ding di-wastong ugnayan sa pagitan ng mga taong may parehong kasarian. Kung ang dalawang tao ng parehong kasarian ay partikular na malapit sa isa't isa, matagal nang magkakilala at talagang malapit, kung gayon, tama lang na madalas nilang makasalamuha ang isa't isa. Gayumpaman, sa sandaling umabot ito sa mapagnasang pakikipagrelasyon ng laman, dapat ding iklasipika ang mga gayong ugnayan bilang di-wasto. Kung madalas ang pagkakalapit ng katawan ng dalawang taong may parehong kasarian, maging hanggang sa punto na karaniwan

silang gumagamit ng pamukaw na wika sa isa't isa, at madalas silang nakikitang magkayakap o nagpapakita ng mga mas maraming hayag na pag-uugali at pagpapamalas, kung gayon, sa paglipas ng panahon, nagiging maliwanag ito sa lahat: "Hindi ito dahil nagtutulungan ang dalawang ito o magkaayon ang personalidad nila; hindi sila nakikisalamuha sa loob ng saklaw ng normal na pagkatao. Ito ay homoseksuwalidad!" Ngayon, karamihan sa mga tao ay nakakaunawa na ang homoseksuwalidad ay isang di-wastong ugnayan, mas higit pa ngang malubha at hindi wasto kaysa sa pagitan ng magkaibang kasarian. Kung umiiral ang mga gayong ugnayan sa loob ng iglesia, maaaring kumalat ang mga ito na parang isang salot, inaakay ang ilang tao sa ganitong uri ng tukso at panghahalina. May ilang tao na nagsasabing nakibahagi sila noon sa homoseksuwalidad pero hindi nila ito ginawa nang kusang-loob. Isantabi muna natin kung talaga bang homoseksuwal sila o kung ano ang kanilang seksuwal na oryentasyon. Kung nagawa nilang mahulog sa gayong tukso dahil sa panghahalina—isinasantabi muna sa ngayon kung ito ba ay ginawa nila nang kusa o pasibo—kung gayon, una sa lahat, sila ay nagulo nito. Batay sa pahayag nila na hindi nila ito ginawa nang kusang-loob, sila ay mga biktima. Samakatwid, kung inaakit at hinahalina ng mga homoseksuwal ang iba sa parehong kasarian, ang mga nahahalina sa kanila, bagama't hindi naman talaga homoseksuwal ang mga ito, ay maaaring maging homoseksuwal pagkatapos mahalina ng isang homoseksuwal. Hindi ba't delikadong sitwasyon ito? Bakit nga ba sinasabing homoseksuwal ang mga gayong tao? Ang mga heteroseksuwal na indibidwal na nang-aakit ng maraming tao ay nasa ilalim ng kategorya ng kahalayan, na katumbas ng isang di-wastong ugnayan. Kung gayon, kapag ang dalawang tao ng parehong kasarian na may malapit na ugnayan at magkasundo ay maghahawak-kamay, o magyayakapan, na pawang normal, paano iyon hahantong sa pagtukoy sa kanila bilang mga homoseksuwal? Ito ang seksuwal na ugnayan sa pagitan nila—kapag umabot na sa ganitong antas ang ugnayan, nagiging homoseksuwal na ito. Kapag nag-aakbayan sila, nagyayakapan sa leeg, o naghahawakan sa baywang, hindi na ito normal na pagkakalapit ng katawan sa pagitan ng mga indibidwal na may parehong kasarian; sa halip, ito ay pagkakalapit ng katawan na inuudyukan ng pagnanasa, naiiba ang kalikasan nito at kaya, nasa kategorya ito ng mga di-wastong ugnayan. Para sa karamihan sa mga tao sa iglesia, ang makakita ng mga gayong homoseksuwal ay nakakapagpatibay ba o hindi? (Hindi, hindi ito nakakapagpatibay.) Nakakaramdam ba ng pagkabagabag ang karamihan sa mga tao pagkatapos itong makita? Kung wala kang alam tungkol sa sitwasyon at ipinupulupot nila ang kanilang kamay sa iyong leeg o baywang, o hinahalikan ka pa nga sa mukha, makakaramdam ka ba ng pagkabagabag? (Oo.) Matapos mabagabag, mapapalagay ba ang puso mo o hindi? (Masusuklam ako.) Kung gayon, mararamdaman mo bang nagkasala ka? Kung hindi mo tumpak na nauunawaan ang diwa ng ganitong klase ng isyu, at nahawakan ka lang o pisikal na nahipo ng isang tao sa parehong kasarian nang hindi ito masyadong inisip pagkatapos, kung gayon, walang masyadong problema. Gayumpaman, kung iisipin mo ito, at patuloy kang mag-iisip, at hindi

mo maalis sa isip ang taong ito, katulad ng kung paanong nananabik ang isang tao sa kabilang kasarian, lumalaban ka man o hindi sa loob ng iyong pansariling kamalayan, kung gayon, ang paglitaw ng mga gayong kaisipan sa loob mo ay nagpapahiwatig na ikaw ay nabagabag na, hindi ba? Kaya naman, ang kalikasan ng mga homoseksuwal na ugnayan, ang ganitong uri ng di-wastong ugnayan, ay higit pang mas malubha. Nabibigo ang ilang tao na makita ang kaibahan sa pagitan ng kahalayan ng mga heteroseksuwal at ng homoseksuwalidad, at itinuturing nilang magkapantay ang dalawang isyung ito. Sa katunayan, ang problema ng homoseksuwalidad ay higit na mas malubha kaysa sa isyu ng kahalayan sa pagitan ng mga heteroseksuwal.

Kung ang mga indibidwal na nakikibahagi sa mga ugnayang homoseksuwal ay lumilitaw sa loob ng iglesia at hindi nalilimitahan, nagiging banta sila at nagdudulot ng mga kaguluhan sa lahat. Anong klaseng mga kaguluhan? Sa panlabas, hindi matukoy ng karamihan sa mga tao ang anumang problema sa pagkatao ng mga ito kapag nakikisalamuha sa mga ito, pero dahil sa matagal na pakikisalamuha, narurumihan ang mga kaisipan nila at dumidilim ang puso nila. Nawawalan sila ng sigasig sa pananampalataya sa Diyos, at nang hindi nahaharap sa anumang partikular na problema, ayaw na nilang sumampalataya sa Diyos, nawawalan sila ng interes sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos, lalo silang lumalayo sa Diyos sa puso nila, at sumasagi sa isip nila ang masasamang kaisipan na isuko ang kanilang pananalig. Samakatwid, ang mga gayong di-wastong ugnayang homoseksuwal sa loob ng iglesia ay hindi lang dapat pigilan at limitahan; ang mga nakikibahagi sa mga ito ay dapat ding alisin kaagad sa iglesia. Ito ay natitiyak. Sa sandaling matuklasan ang mga gayong indibidwal, anuman ang mga tungkuling ginagawa nila o ang katayuan nila, dapat silang alisin kaagad sa iglesia, nang walang anumang pangungunsinti! Ito ang regulasyon ng iglesia. Bakit may ganitong regulasyon? May matibay itong pundasyon. Nilikha ng Diyos ang mga tao bilang lalaki at babae; pagkatapos likhain si Adan, ang kapareha niya ay si Eba, hindi isa pang Adan. Ang gayong hakbang na laban sa mga taong nakikibahagi sa mga ugnayang homoseksuwal ay nakabatay sa mga salita ng Diyos, at ganap itong tumpak. Maaaring sinasabi ng ilan, “Bakit hindi na lang bigyan ang mga taong ito ng pagkakataong magsisi? Bata pa sila; hindi ba’t dapat hayaan silang gumawa ng mga kalokohan?” Hindi! Maaaring iba ang pagtrato sa ibang mga kalokohan batay sa sitwasyon at kalikasan, pero ang ganitong partikular na kalokohan ay tiyak na hindi lang simpleng kalokohan; hinding-hindi ito puwedeng kunsintihin, at ang sinumang gumagawa ng gayong kilos sa loob ng iglesia ay dapat agarang alisin! Kung ang buong iglesia ay binubuo ng mga homoseksuwal, silang lahat ay aalisin. Hindi nanaisin ang gayong iglesia, kahit isa man lang! Ito ang prinsipyo. Sinasabi ng ilan, “Ang ilang tao ay nakikibahagi sa isang ugnayang homoseksuwal sa isang tao lang, pero hindi nila inakit ang iba o sinimulang guluhin ang sinuman. Dapat bang pangasiwaan at paalisin ang mga gayong indibidwal?” Kung tunay nga silang homoseksuwal, ang pagpapahintulot sa kanila na manatili sa iglesia ay katulad ng bombang sasabog anumang sandali sa gitna ng hinirang na mga tao ng Diyos—nakatakda itong

sumabog sa malao't madali. Kahit pa hindi nila ginulo, inakit, o niligalig ang sinumang mga indibidwal na nasa parehong kasarian, hindi iyon nangangahulugan na hindi nila ito gagawin sa hinaharap. Maaaring wala pa silang nakikitang kaakit-akit sa kanila, isang taong gusto nila, o wala pang tamang pagkakataon, o ang lahat ay hindi pa pamilyar o nakakaunawa sa isa't isa. Pero sa sandaling dumating na ang tama at angkop na pagkakataon para sa mga gayong tao, kikilos na sila. Samakatwid, talagang hindi puwedeng kunsintihin o pahintulutan kahit kailan ang mga gayong indibidwal na manatili sa loob ng iglesia, dahil sila ay hindi normal at hindi tao. Ayaw ng iglesia ng mga gayong tao. Ang ganitong pangangasiwa sa mga nakikibahagi sa gayong di-wastong ugnayan ay hindi mali o kalabisan. Gayumpaman, sinasabi ng ilan, "May ilang homoseksuwal na mukhang mabuti naman; wala silang ginawang anumang masama, sumusunod sila sa mga batas at regulasyon, nagpapakita sila ng paggalang sa matatanda at pagmamahal sa mga bata, palagi silang gumagawa ng mabubuting gawa, ang ilan ay mayroon pa ngang mga kaloob at kasanayan, at ang iba ay talagang mapagkawanggawa at matulungin sa iglesia. Dapat natin silang hayaang manatili sa iglesia." Tama ba ang ganitong pag-iisip? (Hindi.) Tama o mali man ang mga kaisipan mo, dapat mong makilatis ang kalikasan ng mga homoseksuwal. Ang prinsipyo ng pagsasagawa ng iglesia para sa mga indibidwal na nakikibahagi sa mga ugnayang homoseksuwal ay ang paalisin sila. Ito ay isang atas administratibong hindi maaaring labagin ng sinuman; dapat magsagawa ang lahat ayon sa prinsipyong ito.

Ang mga pagpapamalas ng dalawang uri ng di-wastong ugnayang ito na pinagbahaginan natin kanina lang ay ang pinakamadaling makilatis, malinaw na maunawaan, at mailarawan ng mga tao. Patungkol sa mga taong sangkot sa mga gayong di-wastong ugnayan, sa isang banda, dapat tuparin ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila sa pamamagitan ng paggamit ng mga gayong hakbang tulad ng pagpapatigil, paglilimita, pagbubukod, at pagpapaalis para pangasiwaan sila. Sa kabilang banda, dapat ding kilatisin at iwasan ng mga kapatid ang mga taong nakikibahagi sa dalawang uri ng di-wastong ugnayang ito, para maiwasan nilang mahalina at mahulog sa tukso, na maaaring makaapekto sa kanilang pananalig sa Diyos at sa kanilang paghahangad sa katotohanan para makamit ang kaligtasan. Kapag nahulog sa tukso, mahirap nang makawala. Karamihan sa mga tao ay dapat makakilatis sa dalawang uri ng mga taong ito. Huwag kumilos gaya ng mga inaasal ng mga tao sa lipunan, nagkukunwaring hindi nakikita kung sino ang nakikipaglandian kanino, walang tamang pananaw o paninindigan laban sa mga nakikibahagi sa kahalayan, nagagawang makisalamuha nang normal sa mga gayong indibidwal basta't hindi lang naaapektuhan ang sarili nilang mga interes, nagsasalita gaya ng karaniwan, na parang walang mali. Mayroon bang mga prinsipyo ang mga gayong tao sa pagtrato nila sa iba? Talagang wala. Ang lahat ng walang pananampalataya ay namumuhay ayon sa mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, nagsusumikap na hindi makapanakit ng loob sa sinuman para maprotektahan ang kanilang sarili, subalit ganap na naiiba ang

sambahayan ng Diyos mula sa lipunang walang pananampalataya. Sa sambahayan ng Diyos, ang katotohanan ang may kapangyarihan. Hinihingi ng Diyos na tratuhin ng mga tao ang iba batay sa mga katotohanang prinsipyo. Pawang tinatanggap at sinasangkapan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang kanilang sarili ng katotohanan, at ginagamit nila ito para kilatisin at tratuhin ang iba, hindi lamang para panatilihin ang buhay iglesia at protektahan ang mga kapatid, kundi, ang mas mahalaga, para protektahan ang kanilang sarili mula sa pagdanas ng tukso at iwasang mahulog dito. Kapag mas maaga kang nakakakilatis at nakakalayo sa mga gayong indibidwal, mas mailalayo mo ang iyong sarili sa tukso at mapoprotektahan mo ang iyong sarili. Ganito mo dapat tratuhin ang mga indibidwal na nakikibahagi sa di-wastong ugnayan; ito ay alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo at naaayon sa mga layunin ng Diyos.

C. Mga Di-wastong Ugnayan na May Kasamang mga Pansariling Interes

Ang isa pang uri ng di-wastong ugnayan ay iyong mga may pansariling interes. Ang mga tao ay gumagawa ng mga bagay-bagay tulad ng pambobola, pagtataas, pagpupuri, at pagpapalakas sa isa't isa alang-alang sa mga interes. Ang pagdadala ng gayong baluktot na asal at buktot na atmospera sa buhay iglesia ay lubhang nakakaapekto sa iba na tahimik na nagbabasa ng mga salita ng Diyos o nakikinig sa mga ibinabahaging karanasan. Sa sandaling maitatag ang isang ugnayang may mga pansariling interes, ang mga sangkot na indibidwal ay madalas na magsasabi o gagawa ng mga bagay-bagay na lumalabag sa kanilang mga pagnanais, para sa sarili nilang pakinabang. Halimbawa, kung nakikita ng isang tao na ang isa pang tao ay maaaring mapakinabangan sa kanyang negosyo o mga interes sa ilang paraan, maaaring piliin niya ang taong iyon bilang lider, inomina ito para sa isang partikular na tungkulin, o sang-ayunan niya ang anumang sinasabi ng taong ito, ipinapahayag na tama ito, hindi alintana kung naaayon ito sa katotohanan o hindi, para sumipsip sa taong ito. Upang sumipsip sa taong ito, gumagawa siya ng maraming bagay na hindi naaayon sa mga prinsipyo at sumasalungat sa katotohanan, na nakakagulo sa hinirang na mga tao ng Diyos sa pagkilatis sa mga tao, pangyayari, at bagay, at sa pagpasok sa katotohanan. Inilalarawan niyang tama ang isang bagay na mali at baluktot, inilalarawan ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao bilang naaayon sa mga layunin ng Diyos, at iba pa, kaya nagugulo ang mga isipan at ang tamang direksiyon at layon ng kanilang paghahangad. Ang lahat ng pag-uugaling ito ay nag-uugat mula sa pagpapanatili niya sa isang ugnayang may mga pansariling interes. Para maprotektahan at mapanatili ang sarili niyang mga interes, kaya niyang magsalita laban sa kanyang konsensiya at kumilos nang laban sa mga prinsipyo. Ang mga sinasabi at ginagawa niya ay nagdudulot ng mga kaguluhan at pagkasira sa buhay iglesia, na sa huli ay nagtutulak sa mas maraming tao na hindi makapagbahaginan ng mga salita ng Diyos, makapagdasal-makapagbasa ng mga salita ng Diyos, o makapagbahagi ng mga personal na karanasan sa normal at maayos na paraan, na nagreresulta sa mga kawalan sa buhay pagpasok ng mga tao. Kapag nagbabahaginan ang mga tao ng kanilang mga

personal na pagkaunawang batay sa karanasan, madalas silang nakakaranas ng panghihimasok mula sa mga ugnayan ng mga tao na may mga pansariling interes; ang ilan ay pasalitang panghihimasok, ang ilan ay sa pag-uugali, at ang iba naman ay nauukol sa mga layon at direksiyon. Madalas na nauudlot ang pagbabahaginan ng mga tao sa katotohanan at ang pagdarasal-pagbabasa nila ng mga salita ng Diyos, madalas silang naililihis ng paksa, at madalas na naaapektuhan sa iba't ibang antas. Samakatwid, dapat limitahan ang mga nakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan na may kasamang mga pansariling interes at mga kaugnay na pag-uugali. Hindi dapat magbulag-bulagan ang mga lider ng iglesia na nahaharap sa mga isyung ito, at lalong hindi nila dapat kunsintihin ang gayong masamang gawa, hinahayaan ang paglitaw ng mga gayong usapin sa loob ng buhay iglesia. Sa halip, dapat silang maging mapagbantay at matalas ang pakiramdam, at agaran nilang pigilan at limitahan ang mga ito.

Ang pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan na may kasamang mga pansariling interes ay isang karaniwang pangyayari sa loob ng iglesia. Halimbawa, kung plano ng isang tao na tumakbo sa halalan bilang ang susunod na lider ng iglesia, maaari niyang hikayatin ang isang grupo ng mga tao at ibunyag sa mga ito ang kanyang mga ideya. Hindi naman hangal ang mga taong ito; nagpapahiwatig ang mga ito: "Kung ihahalal ka namin, anong mga pakinabang ang maibibigay mo sa amin?" Kaya, nabubuo sa pagitan nila ang isang ugnayang batay sa mga pansariling interes. Para mapanatili ang kanilang mga pansariling interes, madalas silang may parehong paninindigan tungkol sa mga isyu sa oras ng mga pagtitipon. Nang hindi namamalayan o nalalaman ng iba ang pinagmulan, palagi nilang ikinukuwento kung gaano kabuti ang isang tao, kung paanong pinahihintulutan at pinagpapala ng Diyos ang ginagawa ng isa pang tao, kung sino ang nagbigay ng mga handog at kung gaano kalaki ang inihandog nito, at kung sino ang may mga naiambag sa sambahayan ng Diyos, madalas na pinupuri at hinahangaan ang isa't isa. Sa buhay iglesia, madalas nilang inilalabas ang mga bagay na ito bilang pagsuporta sa napagkasunduan nila noon at para itaguyod ang pareho nilang mga interes. Halimbawa, maaaring sabihin ng isang tao, "Kung ihahalal mo ako bilang lider, sa sandaling makuha ko ang aking posisyon, gagawin kitang isang lider ng grupo." Hindi ba't naghahanap silang lahat ng pansariling pakinabang? Para maisakatuparan ang kanilang mga interes, hindi ba't kailangan nilang magsabi ng mga partikular na bagay, o gumawa ng mga partikular na kilos? Kaya naman, nagpapakita sila ng iba't ibang pagpapamalas sa panahon ng mga pagtitipon, na pawang nakatutok sa pagtataguyod ng napagkasunduan nila noon at sa mga sangkot na interes. Bago makamit ang kanilang layon, karamihan sa ginagawa nila ay bunsod ng mga interes. Kaya, hindi ba't talagang hindi wasto ang mga intensiyon at pakay sa likod ng kanilang mga sinasabi at ginagawa? Hindi ba't ang ugnayang nabuo sa pagitan nila ay isang di-wastong ugnayan? Hindi ba't dapat limitahan ang mga gayong di-wastong ugnayan sa loob ng iglesia? May ilan na nagsasabi, "Paano namin malilimitahan ito kung hindi naman ito natutuklasan?" Ang mga gayong usapin, maliban na lang kung hindi talaga ginawa, sa sandaling

maisagawa, ay matutuklasan at malalantad. Kung magbabahaginan nang maayos ang mga tao sa katotohanan at sa kanilang mga personal na pagkaunawa at karanasan, nang hindi hinahaluan ng anumang walang kinalaman sa katotohanan, maaaring maunawaan ito ng lahat. Kung mayroong mga karumihan, makikilatis din ito ng mga tao. Kaya naman, sa iglesia, ang iba't ibang transaksiyonal na ugnayang lumilitaw para sa pagpapanatili ng mga interes ng isa't isa ay dapat ding limitahan; sa pinakamababa, ang mga sangkot dito ay dapat bigyan ng babala at bahaginan, hinahayaan silang makilala ang sarili nilang mga isyu at maunawaan ang malulubhang kahihinatnan ng pakikibahagi sa mga gayong gawa, habang binibigyang-daan din ang mga kapatid na makilatis ang kalikasan ng mga usaping ito. Ano ang epekto ng ganitong uri ng gawa sa karamihan sa mga tao? Tinutulak nito ang mga tao na isipin na wala namang gaanong kaibahan sa pagitan ng iglesia at ng lipunan, parehong mga lugar kung saan sinasamantala ng lahat ang isa't isa at ang mga tao ay nakikipagtransaksiyon para sa sarili nilang mga pakinabang. Ang ganitong pag-uugali ay hindi katamtamang panggugulo, bagkus, bumubuo ito ng malubhang kaguluhan sa buhay iglesia. Sabihin mo sa Akin, mabuting tao ba ang isang tao na palaging nanghihikayat ng mga tao para makuha ang kanilang mga boto sa halalan, gumagamit ng mga hindi pangkaraniwang paraan para manipulahin ang halalan at makamit ang posisyon ng lider? Malinaw na hindi mababuting tao ang mga lider na nahalal sa ganitong paraan. May maaasahan bang mabuti ang mga kapatid na nahulog sa mga kamay nila? Kung naging lider ang isang tao sa pamamagitan ng mga hindi pangkaraniwang paraan, sa halip na maihalal batay sa mga prinsipyo, tiyak na hindi mabuting tao ang gayong lider. Kung pahihintulutan siyang mamuno, katumbas iyon ng hayagang pagpasa sa mga kapatid sa kamay ng isang masamang tao, sa isang anticristo, kung saan karamihan sa mga tao ay para na ring naihatid sa mga kamay ni Satanas; sa gayong senaryo, mahahalata kung ano ang mga bunga ng kanilang buhay iglesia. Ito ay isang uri ng di-wastong ugnayan na nakatali sa mga interes. Sa pagitan man ng mga grupo o indibidwal, sa sandaling may sangkot na mga interes ang mga ugnayan sa pagitan ng mga tao, mas pipiliin nila ang kanilang mga pansariling pakinabang sa kanilang mga kilos sa halip na kumilos ayon sa mga prinsipyo para itaguyod ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ang mga gayong ugnayan ay hindi itinatag batay sa konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao, kundi kontra kapwa sa konsensiya at katwiran, at lalo na sa mga katotohanang prinsipyo. Ang kanilang sinasabi, ginagawa, at ipinapakita, pati na ang kanilang mga intensiyon, pakay, motibasyon, pinagmulan, at iba pa, ay inuudyukan lahat ng mga interes; kaya, maaaring tukuyin bilang di-wasto ang ganitong mga ugnayan. Dahil ang pagkabuo ng mga gayong ugnayan ay nakakagulo sa hinirang na mga tao ng Diyos sa pamumuhay ng buhay iglesia, ginagawang mahirap para sa karamihan ng tao na basahin ang mga salita ng Diyos at pagbahaginan ang katotohanan nang may katahimikan sa harap ng Diyos. Ang mga gayong di-wastong ugnayan ay dapat limitahan sa loob ng iglesia. Para sa mga kasong malubha at bumubuo ng pag-uugali ng masasamang tao, dapat silang bigyan ng mga

babala, at kung hindi magsisisi ang mga sangkot dito anuman ang mangyari, dapat silang paalisin sa iglesia.

D. Pagkamuhi sa Pagitan ng mga Indibidwal

Ang mga di-wastong pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao ay may iba't ibang pagpapamalas. Ang isa pa sa mga ito ay ang personal na pagkamuhi. Halimbawa, maaaring lumitaw sa loob ng mga pamilya ang alitan o mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng biyenan at manugang, sa pagitan ng mga maghipag, o sa pagitan ng magkapatid na lalaki, o maaaring lumitaw ang mga ito sa pagitan ng magkakapitbahay. Minsan, nauuwi pa ito sa pagkamuhi, at, gaya ng mga magkaaway, hindi nila magawang magtulungan o gumawa nang magkasama, hanggang sa punto na hindi man lang nila kayang harapin ang isa't isa, at nagtatalo at nag-aaway sila sa tuwing nagkakaharap. Kapag nagkikita-kita sila sa mga pagtitipon, puno rin ng pagkamuhi ang puso nila, at hindi nila magawang patahimikin ang sarili nila sa harap ng Diyos para matamasa ang salita ng Diyos at mapagnilayan at makilala ang kanilang sarili, at lalong hindi nila magawang bitiwan ang kanilang mga masamang palagay at pagkamuhi para magkaroon ng normal na pagtitipon. Sa halip, sa tuwing nagkikita-kita sila, nagkakaroon sila ng mga pagtatalo at labanan, inilalantad nila ang mga pagkukulang ng isa't isa at binabatikos ang isa't isa, at minumura pa nga ang isa't isa, nagkakaroon ng malalim na negatibong epekto sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ang mga gayong tao ay mga hindi mananampalataya; sila ay mga walang pananampalataya. Para sa mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos at nagmamahal sa katotohanan, anuman ang mangyari, o kahit kanino pa sila mayroong mga hindi pagkakasundo, o kung kanino man sila nagkikimkim ng mga maling palagay, nagagawa nilang hanapin ang katotohanan, pagnilayan at kilalanin ang kanilang sarili, at lutasin ang mga isyu ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kung may nagawa silang mali at may utang na loob sila sa isang tao, kaya nilang kusang humingi ng tawad at umamin sa kanilang mga pagkakamali; tiyak na hindi nila pipiliing magsanhi ng mga argumento o problema sa mga pagtitipon. Ganap na hindi naaayon sa kagandahang-asal ng mga banal na makibahagi sa mga hindi pagkakasundo at magdulot ng mga kaguluhan sa iglesia; ang gayong pag-uugali ay lubhang nagdudulot ng kahihiyan sa Diyos. Ang mga taong kumikilos sa ganitong paraan ay walang pagkatao, konsensiya, at katwiran sa malaking antas; sila ay tiyak na hindi mga tunay na mananampalataya sa Diyos. Ang isyung ito ay medyo mas karaniwan sa mga bagong mananampalataya. Dahil hindi nauunawaan ng mga bagong mananampalataya ang katotohanan, at hindi pa nadalisay ang kanilang mga tiwaling disposisyon, madali para sa kanila na makibahagi sa mga hindi pagkakasundo tungkol sa maraming bagay, at hinahayaan pa ngang sumabog ang kanilang pagkamainitin ng ulo at sumali sa mga away. Kung hindi malulutas ang mga tiwaling disposisyong ito, magkikimkim ang mga tao ng pagkamuhi sa puso nila, at kahit kapag namumuhay ng buhay iglesia, makikibahagi pa rin sila sa mga walang katapusang hindi pagkakasundo kasama ang pagkamainitin ng

ulo at pagkamuhing ito. Nakakaapekto ito sa buhay iglesia, nakakaapekto sa pagkain at pag-inom ng mga hinirang ng Diyos ng mga salita ng Diyos, pagpuri nila sa Diyos, at pagbabahagi sa kanilang mga pagkaunawa sa mga salita ng Diyos na batay sa karanasan. Direkta rin itong nakakaapekto sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. May ilang bagong mananampalataya na madaling masangkot sa mga pagtatalo tungkol sa maliliit na isyu. Halimbawa, bago magsimula ang isang pagtitipon, maaaring gusto ng ilan na umawit ng isang himno habang ang iba naman ay iba ang gusto—kahit ang gayong maliit na bagay ay madaling humantong sa mga hindi pagkakasundo. Gayundin, ang magkakaibang opinyon tungkol sa isang usapin ay maaaring humantong agad sa mga debate minsan, at maging ang pananakit ng damdamin sa isang tao dahil sa kawalan ng pagsasaalang-alang sa pananalita ay maaaring magbunsod ng mga pagtatalo. Karaniwan sa mga bagong mananampalataya ang ganitong mga uri ng insidente. Kapag lumilitaw ang mga hindi pagkakasundo sa oras ng mga pagtitipon, likas na ginugulo ng mga ito ang buhay iglesia. Hindi ba't ginugulo rin nito ang hinirang na mga tao ng Diyos? Ang mga taong mahilig makipagtalo at makipagdebate tungkol sa kung sino ang tama at mali ang siyang pinakamadaling nakakagulo sa buhay iglesia. Ang inaalala lang nila ay matugunan ang kanilang banidad at reputasyon nang hindi isinasaalang-alang ang mga interes ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sa pagkilos nang ganito, hindi ba't ginugulo nila ang buhay iglesia? (Oo.) Ang iglesia ay isang lugar kung saan nagsasama-sama ang mga kapatid upang kumain, uminom, at tamasahin ang mga salita ng Diyos; ito ay isang lugar ng pagpapasakop at pagsamba sa Diyos. Hinding-hindi ito isang lugar para ibulalas ang personal na sama ng loob, at lalong hindi ito lugar para sa pakikipag-away o pakikipagtalo tungkol sa tama at mali. Kapag ang mga gayong tao ay gumagawa ng kaguluhan sa ganitong paraan, ano ang nagiging bunga nito? Direkta itong nagreresulta sa pagkawala ng kasiyahan sa mga pagtitipon; dahil dito, hindi makamit ng hinirang na mga tao ng Diyos ang pagpapatibay sa buhay, at karamihan pa nga sa mga tao ay hindi makahanap ng kapayapaan, nagdurusa nang labis-labis. Sa paglipas ng panahon, nagiging negatibo at mahina ang ilan, nag-aatubili pa ngang dumalo sa mga pagtitipon. Karaniwan ang ganitong sitwasyon sa karamihan sa mga iglesia, at naranasan na ito ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kaya, paano dapat lutasin ang isyu ng madalas na mga pagtatalo at pag-aaway sa mga pagtitipon? Dapat piliin ang ilang sipi ng mga salita ng Diyos na may kinalaman sa isyu at sama-samang basahin ang mga ito nang maraming beses sa mga pagtitipon; pagkatapos, dapat magbahaginan ang lahat tungkol sa katotohanan, ibinabahagi ang kanilang pagkaunawa. Ang pamamaraang ito ay maaaring magbunga ng ilang resulta. Bukod sa makikilala ng mga taong mahilig makipagtalo ang kanilang mga pagsalangsang at makakaramdam sila ng pagsisisi, ang mga manonood ay makakapagnilay rin kung naibunyag ba nila ang kanilang mga tiwaling disposisyon sa parehong mga sitwasyon at kung may kakayahan ba silang makipagtalo sa iba—sa ganitong paraan, makikilala rin ng mga manonood ang kanilang sarili. Nasasangkot man o hindi ang isang tao sa

mga hindi pagkakasundo, pagkatapos basahin ang ilang sipi ng mga salita ng Diyos nang ilang beses, makikilala na niya ang sarili niyang mga tiwaling disposisyon at makikita na ang pamumuhay ayon sa mga tiwaling disposisyon ay talaga ngang nangangahulugan ng kawalan ng konsensiya at katwiran, at hindi pagkakaroon ng ni katiting na pagkatao. Ang mga epekto ng ganitong pamumuhay sa buhay iglesia ay hindi na masama, tama? Bagama't maaaring mayroong mga hindi pagkakasundo sa umpisa ng isang pagtitipon, kung pagkatapos nito ay makakabasa ang lahat ng mga salita ng Diyos, kung mapapatahimik nila ang kanilang sarili sa harap ng Diyos para magnilay sa kanilang sarili, lutasin ang mga problema gamit ang katotohanan, at tunay na magsisi—kung ang mga resultang ito ay maaaring makamit—kung gayon, ito ay normal na buhay iglesia. Samakatwid, anuman ang mangyari sa oras ng mga pagtitipon ay hindi ibig sabihin na palagi itong masama; basta't nagkakaisa ang lahat sa puso at isipan para hanapin ang katotohanan, at magkakasamang nagbabasa ng ilang kaugnay na sipi ng mga salita ng Diyos nang ilang beses, kahit hindi ganap na malulutas ang mga problema, medyo maaarok pa rin ng mga tao ang mga ito at magkakaroon sila ng kaunting pagkilatis—makikinabang ang lahat mula rito. Masasabi ba ninyo na mahirap matagpuan ang ganitong buhay iglesia? Ginagawa nitong mabuting bagay ang isang masamang bagay, medyo isa itong pagpapalang nakatago. Gayumpaman, hindi nito dapat akayin ang mga tao na isulong ang ideya na ang mga hindi pagkakasundo at debate ay kanais-nais sa buhay iglesia; tiyak na hindi ito puwedeng isulong. Ang mga hindi pagkakasundo at mga debate ay madaling humantong sa mga silakbo ng pagkamainitin ng ulo at hidwaan, na masama para sa lahat at nagdudulot ng personal na pagkabagabag sa mga sangkot. Kaya naman, ang pinakamainam na pamamaraan ay ang hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga isyu, at sa pag-unawa sa katotohanan, epektibong maiiwasan ang parehong mga insidente sa hinaharap. Ang matatalinong indibidwal ay dapat magkaroon ng mapagpasensiya at matiising saloobin kapag lumilitaw ang mga alitan at sagupaan. Dahil mayroon din silang mga tiwaling disposisyon at madaling makasakit ng iba, kapag ibinubunyag nila ang kanilang mga tiwaling disposisyon, dapat agad silang magdasal sa Diyos at hanapin nila ang katotohanan para malutas ang mga isyu. Sa ganitong paraan, pagdating sa oras ng pagtitipon, napawi na ang lahat ng personal na hinanakit at pagkamuhi sa puso nila, kaya nakakaramdam sila ng pagpapalaya sa puso nila at nagiging madali para sa kanila na makisama nang maayos sa mga kapatid, na nagtataguyod ng maayos na pagtutulungan. Sa tuwing nakakakita ang isang tao ng isang kapatid na nagbubunyag ng tiwaling disposisyon nito, dapat siyang mag-alok ng tulong nang may pagmamahal, hindi manghusga, magkondena, o magtakwil sa kapatid na ito. Maaaring hindi malutas ang mga problema sa isa o dalawang beses na pagtulong, pero kinakailangan pa rin ang pagpapasensiya at pagtitiis. Hangga't hindi nito ginugulo ang buhay iglesia o hindi ito sadyang gumagawa ng kasamaan, dapat itong tratuhin nang may pagpapasensiya at pagtitiis hanggang sa huli—darating ang araw na matatauhan sila. Kung ang isang tao ay may masamang pagkatao at tumatanggi siya

sa anumang tulong, hindi tinatanggap ang katotohanan kahit gaano ito pagbahaginan, kung gayon, hindi siya taos-pusong nananampalataya sa Diyos, at kinakailangang dumistansiya sa mga gayong indibidwal. Kung paulit-ulit niyang ginugulo ang buhay iglesia, dapat siyang pakitunguhan at pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo. Kung hindi naman siya isang masamang tao pero madalas siyang nagbubunyag ng kanyang tiwaling disposisyon, namumuhi sa kanyang sarili pero pakiramdam niya ay wala siyang ibang magawa sa sandaling iyon, ang mga gayong indibidwal ay dapat tulungan nang may pagmamahal; tulungan silang maunawaan ang katotohanan at makilatis at makilala ang mga pagbubunyag nila ng katiwalian—sa ganitong paraan, unti-unting mababawasan ang pagbubunyag nila ng katiwalian. Kung ang mga kapatid ay paminsan-minsan lang naaapektuhan ng mga taong ito, maaari silang mapatawad; basta't walang malalaking problema sa pagkatao nila, at hindi sila mapanlinlang o masasamang tao, dapat silang suportahan at tulungan sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa katotohanan. Kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan, dapat silang tratuhin nang may pagmamahal. Gayumpaman, kung tatanggi silang magsisi at negatibo nilang naaapektuhan ang buhay iglesia sa loob ng mahabang panahon, dapat silang bigyan ng mga babala at patawan ng mga limitasyon ng mga lider ng iglesia. Kung patuloy silang tatanggi na tanggapin ang katotohanan, masasamang tao ang mga gayong indibidwal. Hindi kayang makisama ng masasamang tao sa kahit sino, sila ay mga bulok na mansanas at mga demonyo. Ang pagpapanatili sa kanila sa iglesia ay magdudulot lamang ng mga pagkagambala at kaguluhan. Kaya naman, ang mga tumatangging magbago sa kabila ng mga paulit-ulit na paalala ay dapat pangasiwaan bilang masasamang tao at paalisin sa iglesia. Hindi mananampalataya at masamang tao ang sinumang madalas na nanggugulo sa buhay iglesia at sa buhay pagpasok ng mga hinirang na tao ng Diyos, at dapat silang alisin sa iglesia. Kahit sino pa ang taong iyon o paano man siya kumilos noon, kung madalas niyang ginugulo ang gawain ng iglesia at ang buhay iglesia, kung tumatanggi siyang mapungusan, at palagi niyang ipinagtatanggol ang kanyang sarili gamit ang maling pangangatwiran, dapat siyang alisin sa iglesia. Ang ganitong paraan ay ganap na para sa kapakanan ng pagpapanatili ng normal na pag-usad ng gawain ng iglesia at sa pagprotekta ng interes ng hinirang na mga tao ng Diyos, na lubos na umaayon sa mga katotohanang prinsipyo at sa mga layunin ng Diyos. Ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos at ang gawain ng iglesia ay hindi dapat maapektuhan ng mga hindi pagkakasundo at hindi makatwirang panggugulo ng ilang masamang indibidwal—hindi ito sulit at hindi rin ito makatarungan para sa hinirang na mga tao ng Diyos.

Kung madalas na nagdudulot ng kaguluhan sa iglesia ang masasamang tao, na humahantong sa hindi epektibong buhay iglesia, ang pinakamainam na solusyon ay ikategorya ang mga tao at hatiin ang mga pagtitipon sa iba't ibang grupo: Magkakasamang magtitipon ang mga nagmamahal sa katotohanan at taos-pusong ginagawa ang kanilang mga tungkulin; magkakasamang magtitipon ang mga nagnanais na hangarin ang katotohanan ngunit hindi ginagawa ang kanilang tungkulin; at magkakasamang

magtitipon ang mga mahilig gumawa ng kaguluhan at pagkagambala, magtsismis tungkol sa ibang tao, at manghusga at magkondena sa iba. Sa ganitong paraan, maaaring pangunahing mahati ang iglesia sa tatlong grupo ng mga tao—pinagbubukod-bukod ang bawat isa ayon sa kanilang uri, ika nga—nang sa gayon ay masigurong hindi gagambalain ng mga grupong ito ang isa't isa sa mga pagtitipon. Ang mga taong may masamang pagkatao, gaano man sila kawalang-pakundangan sa paggawa ng masasamang gawa, ay hindi makakaapekto sa iba kundi ipapahamak lang ang kanilang sarili. May malupit na disposisyon ang ilang tao. Kapag may nagsabi ng isang bagay na nakakasakit o sumasalungat sa kanila, kamumuhian nila ang taong iyon, at nag-iisip sila ng mga paraan upang batikusin at gantihan ito. Gaano man ibahagi ang katotohanan sa kanila, o gaano man sila pungusan, hindi nila ito tinatanggap. Mas pipiliin pa nilang mamatay kaysa magsisi, at patuloy nilang ginugulo ang buhay iglesia. Pinatutunayan nito na masasamang tao sila. Hindi natin dapat patuloy na kunsintihin ang ganitong uri ng masasamang tao. Dapat silang alisin sa iglesia ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito lang ang paraan upang lubos na malutas ang problemang ito. Anuman ang mga pagkakamali o masamang bagay na nagawa nila, hindi papayag ang mga taong iyon na may malulupit na disposisyon na may sinumang maglantad o magpungos sa kanila. Kapag may naglantad at sumalungat sa kanila, labis silang magagalit, gaganti, at hindi nila kailanman titigilan ang isyu. Wala silang pasensiya at pagtitimpi sa ibang tao, at wala silang pagpaparaya sa iba. Ano ang prinsipyo kung saan nakabatay ang kanilang sariling asal? "Gugustuhin ko pang magkanulo kaysa ipagkanulo." Sa madaling salita, hindi nila kayang tiisin na masalungat ng kahit sino. Hindi ba't ito ang lohika ng masasamang tao? Ito mismo ang lohika ng masasamang tao. Walang sinuman ang puwedeng sumalungat sa kanila. Para sa kanila, hindi katanggap-tanggap na galitin sila ng sinuman kahit kaunti, at kinamumuhian nila ang sinumang gumawa nito. Patuloy nilang tutugisin ang taong iyon at hindi titigilan ang isyu—ganito ang masasamang tao. Dapat mong ibukod o paalisin agad ang masasamang tao sa sandaling matuklasan mo na mayroon silang diwa ng masasamang tao, bago pa sila makagawa ng malubhang kasamaan. Makakabawas ito sa pinsalang idinudulot nila; ito ang matalinong pasya. Kung hihintayin ng mga lider at manggagawa na makagawa pa ng kung anong sakuna ang isang masamang tao bago nila ito pangasiwaan, nagiging pasibo sila. Patutunayan niyon na napakahangal at walang mga prinsipyo sa kanilang mga kilos ang mga lider at manggagawa. May ilang lider at manggagawa na ganito kahangal at kamangmang. Ipinipilit nilang maghintay ng tiyak na ebidensiya bago nila pangasiwaan ang masasamang tao dahil iniisip nilang iyon lang ang paraan na mapapanatag ang kanilang isipan. Ngunit sa katunayan, hindi mo na kailangan ng tiyak na ebidensiya para masiguro kung masama ang isang tao. Makikita mo ito sa kanilang mga pang-araw-araw na salita at kilos. Kapag natiyak mo nang masama sila, maaari mong simulan sa paglilimita o pagbubukod sa kanila. Masisiguro nito na hindi maaapektuhan ang gawain ng iglesia o ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi kayang kilatisin ng ilang lider at

manggagawa kung sino ang masama, ni hindi nila kayang pangasiwaan ang masasamang tao nang maagap. Dahil dito, naaapektuhan ang gawain ng iglesia at ang buhay iglesia, at nahahadlangan ang buhay pagpasok ng mga hinirang na tao ng Diyos. Napakahangal nito. Ganito isinasakatuparan ng mga huwad na lider ang gawain. Sa isang banda, wala silang pagkilatis, at sa kabilang banda, mga mapagpalugod sila ng mga tao na takot na sumalungat sa iba. Kapag naglilingkod bilang mga lider, una, hindi makagawa ng tunay na gawain ang mga gayong tao; at pangalawa, pinipinsala nila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ni hindi nila kayang lutasin agad ang problema ng kaguluhan na dulot ng masasamang tao, at hindi rin nila kayang protektahan ang mga kapatid; hindi angkop na maging lider at manggagawa ang mga gayong tao. Sabihin mo sa Akin, kung ang isang tao ay inilalarawan bilang isang masamang tao, kailangan pa bang ibahagi sa kanya ang katotohanan upang tulungan siya? (Hindi na.) Hindi na kailangang bigyan pa siya ng pagkakataon. Ang ilang tao ay masyadong “mapagmahal,” laging nagbibigay ng pagkakataon sa masasamang tao na magsisi, ngunit may magiging anumang epekto ba ito? Naaayon ba ito sa mga prinsipyo ng mga salita ng Diyos? May nakita ka na bang masamang tao na kayang tunay na magsisi? Wala pang nakakakita niyon. Ang umasang magsisisi ang masasamang tao ay katulad ng maawa sa mga makamandag na ahas; ito ay pagkaawa sa mababangis na halimaw. Ito ay dahil batay sa diwa ng masasamang tao, masasabi na hindi kailanman mamahalin ng masasamang tao ang mga positibong bagay, hindi nila kailanman tatanggapin ang katotohanan, at hindi sila kailanman magsisisi. Hindi mo makikita ang salitang “pagsisisi” sa kanilang diksiyonaryo. Gaano mo man ibahagi ang katotohanan sa kanila, hindi nila isasantabi ang kanilang sariling mga motibo at interes, at maghahanap sila ng iba’t ibang dahilan at palusot para pangatwiranan ang kanilang sarili, at walang sinuman ang makakukumbinsi sa kanila. Kapag nagdusa sila ng kawalan, hindi nila ito makakayanan, at hindi sila titigil sa pamemerwisyo sa iba tungkol dito. Paano tunay na magsisisi ang mga gayong tao, na ayaw magdusa ng kahit anong kawalan? Ang mga taong labis na makasarili ay iyong inuuna ang kanilang sariling mga interes nang higit sa lahat; masasamang tao sila, at hindi sila kailanman magsisisi. Kung lubos mo nang nakikita na masama ang isang tao at binibigyan mo pa rin siya ng pagkakataon na magsisi, hindi ba’t kahangalan iyon? Katumbas ito ng pagpapainit sa isang nagyeyelong ahas sa iyong dibdib, na sa kalaunan ay tutuklaw sa iyo. Hangal lamang ang gagawa ng gayong kahangalan. Sa iglesia, isang normal na penomeno ang pagkamuhi ng hinirang na mga tao ng Diyos sa masasamang tao, dahil walang pagkatao at palaging gumagawa ng imoral na mga bagay ang masasamang tao. Tamang kaisipan ang pagkamuhi sa masasamang tao. Bahagi ito ng kung ano ang dapat na taglayin ng mga tao sa kanilang normal na pagkatao.

Sabihin mo sa Akin, anong klase ng tao ang isang tao na wala man lang pagmamahal sa mga kapatid? Bakit wala man lang siyang kahit kaunting normal na pakikipag-ugnayan sa mga kapatid? Ang ganitong klase ng tao, kahit sino pa ang nakakasalamuha niya, ay inuugnay lang ang mga pakikisalamuhang ito sa mga interes

at pakikipagtransaksiyon; kung walang mga interes o pakikipagtransaksiyon na kasangkot, hindi na siya mag-aabala pa sa mga tao. Hindi ba't masama ang ganitong klase ng tao? May ilang tao na hindi naghahangad sa katotohanan at namumuhay lang batay sa mga damdamin; makikipaglapit sila sa sinumang maayos ang pagtrato sa kanila, at itinuturing nilang mabuti ang sinumang tumutulong sa kanila. Ang mga gayong tao ay wala ring normal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao. Namumuhay sila batay lang sa mga damdamin, kaya matatrato ba nila nang patas at makatarungan ang mga kapatid? Hinding-hindi ito makakamit. Samakatwid, ang sinumang walang normal na pakikipag-ugnayan sa mga kapatid, o sa mga taos-puso na nananampalataya sa Diyos, ay isang taong walang konsensiya at katwiran, walang normal na pagkatao, at tiyak na hindi isang tao na nagmamahal sa katotohanan. Ang mga indibidwal na ito ay walang pinagkaiba sa mga walang kuwentang tao sa hanay ng mga walang pananampalataya; nakikisalamuha sila sa sinumang kapaki-pakinabang sa kanila at binabalewala nila ang mga hindi kapaki-pakinabang. Bukod dito, kapag nakakakita sila ng isang tao na naghahangad sa katotohanan o isang tao na kayang magbahagi ng mga patotoong batay sa karanasan—isang taong hinahangaan at gusto ng lahat ng tao—nagseselos at namumuhi sila at sinusubukan nila ang lahat ng paraan para makahanap ng balang gagamitin para husgahan at kondenahin ang mga taong ito na naghahangad sa katotohanan. Hindi ba't ito ang ginagawa ng masasamang tao? Walang konsensiya at katwiran ang mga gayong tao—mas masahol pa sila sa mga halimaw. Hindi nila kayang tratuhin nang tama ang mga tao, hindi nila makasundo nang normal ang ibang tao, hindi sila makabuo ng normal na pakikipag-ugnayan sa hinirang na mga tao ng Diyos, at nagagawa pa nga nilang kamuhian ang mga naghahangad sa katotohanan. Ang mga gayong tao ay tiyak na nakakaramdam ng matinding kalungkutan at pagkalumbay sa puso nila, palaging nagrereklamo tungkol sa Langit at sa ibang tao. Ano ang kagalakan o kabuluhan ng buhay nila? May malupit na disposisyon ang mga taong ito, at kahit sino pa ang makasalamuha nila, maaari silang makaramdam ng pagkamuhi sa maliliit na usapin, kinokondena at ginagantihan ang mga ito, nagdudulot ng mga sakuna sa mga ito. Ang mga gayong masasamang indibidwal ay ganap na mga diyablo, nagdadala sila ng sakuna sa iglesia sa bawat araw na sila ay nananatili. Kung mananatili sila nang matagal, magiging walang katapusan ang mga sakuna. Maiiwasan lang ang mga sakuna sa pamamagitan ng pag-aalis sa kanila sa iglesia. Dagdag pa rito, may mga taong nagmumukhang sibilisado sa panlabas pero may matinding pagkahilig sa mga pakinabang. Kaya, ang pananampalataya nila sa Diyos ay para din sa paghahangad ng mga pakinabang. Kung hindi sila makakuha ng pakinabang na hindi naman nararapat sa kanila, sa loob ng ilang panahon, dumidilim ang kanilang mukha sa lungkot, na para bang may malaking utang na pera sa kanila ang isang tao. Ang sinumang nakakakita sa kanilang naghihinakit at nasisiraan ng loob na mukha ay agad na naaapektuhan ang emosyon. Ano sa tingin ninyo ang magiging epekto kung magpapakita ang gayong mukha sa buhay iglesia? Karamihan sa hinirang na mga tao ng Diyos ay tiyak na hindi

magiging komportable kapag nakita ito, at magugulo at maaapektuhan ang kanilang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pakikipagbahaginan sa katotohanan sa iba't ibang antas. Lalo na sa mga wala pang pundasyon sa tunay na daan, madali rin silang maaapektuhan kapag madalas nilang nakikita ang madilim na mukhang ito sa buhay iglesia! Dapat magkaroon ang iglesia ng mas maraming tao na may masayahing personalidad, na nagsasalita nang simple at hayagan, at mas maraming tao na may puso na puno ng kapayapaan at kagalakan, at may espiritung malaya at magaan. Magiging kasiya-siya ang buhay iglesia kung ganito. Ang mga taong nakasimangot at palaging malungkot ay dapat magdasal sa Diyos sa kanilang tahanan at ayusin ang kanilang mentalidad bago pumunta sa mga pagtitipon. Sa ganitong paraan, magiging maganda ang kanilang lagay ng loob, at mayroon silang makakamit mula sa pagtitipon. Dagdag pa rito, makakabuti rin ito sa iba; kahit papaano, hindi sila magugulo. Upang matiyak na makakapamuhay ng normal na buhay iglesia ang hinirang na mga tao ng Diyos, dapat matutong makipagbahaginan sa katotohanan ang mga lider at manggagawa para malutas ang mga problema. Kung may isang taong dumadalo sa pagtitipon nang may madilim na mukha, dapat lumapit ang mga lider at manggagawa at magtanong, "Kailangan mo ba ng tulong?" Ito ang tinatawag na aktibong pagtulong sa iba nang dahil sa pagmamahal. Kung nakikita ng mga lider at manggagawa na may problema ang isang tao at binabalewala lang nila ito, iniiwasan at nilalayuan iyong mga "nakasimangot" nang hindi nakikipagbahaginan sa katotohanan para pagaanin ang loob ng mga ito, kung gayon, hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain. Para epektibong magawa ang gawain ng iglesia, dapat matutunan ng mga lider at manggagawa una sa lahat kung paano maging mga katiwalang-loob ng hinirang na mga tao ng Diyos, katulad ng tinatawag ng mga walang pananampalataya na isang mapagmalasakit na opisyal ng gobyerno. Ayaw gampanan ng ilang tao ang gayong papel, palagi nilang mas gusto na maging tagamasid lang—paano nila maaakay ang hinirang na mga tao ng Diyos na makapamuhay ng isang magandang buhay iglesia sa ganitong paraan? Sa katunayan, kung mayroon mang mga problema ang isang tao sa kanyang puso, sa isang punto ay makikita ito sa ekspresyon ng kanyang mukha. Kung palaging madilim ang mukha ng isang tao, siguradong madilim din ang puso niya, walang bahid ng liwanag. Kung buong araw siyang abala sa mga pagtatalo tungkol sa tama at mali, kaya pa ba niyang ngumiti? Ang mukha ng mga taong ito ay palaging nababalot ng maitim na ulap, walang kahit saglit na pagsikat ng araw, at naaapektuhan din nito ang paggampan nila ng tungkulin. Kung mabagal ang mga lider at manggagawa sa pagtugon at paglutas ng isyung ito, na nagsasanhing magdusa ang mga kapatid ng patuloy na kaguluhan at di-mailarawang paghihirap, pinatutunayan nito na ang mga lider at manggagawa ay walang kakayahang gumampan ng aktuwal na gawain, hindi nila malutas ang mga problema gamit ang katotohanan, at lubos silang walang kuwenta. Kung nauunawaan ng mga lider at manggagawa ang katotohanan at kaya nilang tukuyin ang mga problema ng mga kapatid, at kaya nilang magbigay ng maagap na suporta at tulong, hindi lang nakakatulong lumutas

sa mga problema ng mga tao, kundi nakakatulong din sa mga tao na maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo at maisakatuparan ang kanilang mga tungkulin—kung gayon, magiging mas mahusay ang paggampan nila sa tungkulin at pangangasiwa sa mga usapin, at hindi maaapektuhan ang gawain ng iglesia. Kung hindi agarang matutukoy at malulutas ng mga lider at manggagawa ang mga problema, maaapektuhan nito ang gawain ng iglesia. Kung hindi matutukoy at mapapangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang mga problema, nagsasanhi ng pagkasira sa gawain ng iglesia at hinahadlangan ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, hindi ba't binigo nila ang Diyos at ang Kanyang hinirang na mga tao? Hindi ba't wala silang mga prinsipyo sa pangangasiwa sa mga usapin? Ang pangangasiwa sa mga problema nang agaran at walang pag-aalinlangan pagkatapos makilatis ang kanilang diwa—ito ay tinatawag na pagtupad sa mga responsabilidad at pagiging tapat, at ito ay paggawa sa tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan.

Ang paksa ng pagbabahaginan ngayon ay ang ikaanim na isyu—pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan. Ang ganitong mga klase ng problema na lumilitaw sa buhay iglesia ay karaniwang ganito: mga di-wastong ugnayan sa pagitan ng mga kasarian, mga ugnayan ng magkaparehong kasarian, mga ugnayang may kasamang mga pansariling interes, at pagkamuhi sa pagitan ng mga indibidwal. Ito man ay mga ugnayang batay sa pagnanasa ng laman, mga interes ng laman, o mga sentimental na gusot ng laman, ang lahat ng ito ay kabilang sa kategorya ng mga di-wastong ugnayan dahil lumalampas ang mga ito sa saklaw ng konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Ang pag-iral ng mga di-wastong ugnayang ito ay maaaring makaligalig sa mga tao sa isang banda. Ang mas malala pa, maaaring makagulo ang mga ito sa buhay pagpasok ng mga tao, sa kanilang paghahangad sa katotohanan, at sa kanilang paghahangad na makilala ang Diyos. Ang iba't ibang uri ng di-wastong ugnayang ito ay hindi nagmumula sa konsensiya o katwiran, at salungat ang mga ito sa normal na pagkatao. Mahirap para sa mga tao na tanggapin at isagawa ang katotohanan kapag namumuhay sila sa loob ng mga abnormal na ugnayang ito, at ginugulo rin sila nito sa pamumuhay ng buhay iglesia at paghahangad ng paglago sa buhay, ginugulo rin nito ang kaayusan ng buhay iglesia. Nakasasama ito sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos at nakapipinsala rin sa gawain ng iglesia. Dahil sa lahat ng ito, napakahalaga na agarang tukuyin at pangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang mga isyung ito.

Tungkol sa mga di-wastong ugnayan, naisa-isa na natin ang iba't ibang sitwasyon at naikategorya ang mga ito. Maaari ba kayong magbigay ng ilang halimbawa para magsanay ng pagkilatis? Ano ang layunin ng pagkatuto ng pagkilatis? Ito ay para matutuhan ninyong kilatisin at tukuyin ang diwa ng mga tao, pangyayari, at bagay, nang sa gayon ay makagawa ng mga tumpak na paghusga, at pagkatapos ay tratuhin ang mga ito ayon sa mga prinsipyo. Ito ang panghuling resulta. Mayroon bang sinuman na nakapagsabi, "Buong araw kang nagsasalita tungkol sa mga usaping ito ng tama at mali,

ang mga pang-araw-araw na usaping ito—hindi na namin gustong makinig sa mga ito; ni ayaw na nga naming dumalo sa mga pagtitipon. Hindi ba't dapat nakikipagbahaginan ka tungkol sa katotohanan? Bakit palagi mong tinatalakay ang mga sitwasyong ito?" Napansin ba ninyo ang mga gayong tao? Anong klaseng mga tao sila? (Mga taong walang espirituwal na pang-unawa.) Nakikipagbahaginan tayo sa ganitong paraan, pero hindi pa rin nila nauunawaan ang katotohanan—hindi nila taglay ang katalinuhan ng isang normal na tao; ganap na walang silbi ang mga gayong tao. Kung ang isang tao ay hindi nagtataglay ng katalinuhan ng isang normal na tao, dapat pa ba siyang hayaang makinig sa mga sermon? Maaaring sasabihin nila: "Palagi na lang tungkol sa pagbabahaginan sa katotohanan ang mga pagtitipon, palaging nag-uusap tungkol sa mga bagay tulad ng pagsasagawa sa katotohanan—pagod na akong makinig dito. Ayaw ko nang dumalo sa mga pagtitipon." Kung tunay na ganoon ang pananaw nila, sila ay isang taong tutol sa katotohanan. Para sa gayong klase ng mga tao, hindi ipinipilit ng sambahayan ng Diyos ang kanilang pagdalo; agad silang itaboy. Kung sila mismo ay ayaw dumalo sa mga pagtitipon, at hindi sila bukas sa itinatalakay sa kanila, hindi natin sila pipilitin—hindi natin gustong abalahin sila. Ang mga taong tulad nito, kahit manampalataya sila sa Diyos habambuhay, ay hindi makakaunawa sa katotohanan at hindi makakapasok sa realidad; sayang lang ang pagsisikap dito. Kung gusto nilang makinig sa mga teolohikal na kaalaman, hayaan silang umalis at mag-aral ng teolohikal na kaalaman; balang araw, kapag hindi nila nakamit ang katotohanan bilang buhay, pagsisisihan nila ito.

Mayo 29, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (15)

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikatlong Bahagi)

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

Noong huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon." Pagdating sa responsabilidad na ito, pangunahin tayong nagbahaginan tungkol sa iba't ibang problemang nauugnay sa buhay iglesia, na hinati natin sa labing-isang isyu. Sige at basahin mo ang mga ito. (Una, madalas na paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan; ikalawa, pagsasabi ng mga salita at doktrina para ilihis ang mga tao at makuha ang kanilang pagpapahalaga; ikatlo, pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin; ikaapat, pagpapangkat-pangkat; ikalima, pakikipag-agawan para sa katayuan; ikaanim, pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan; ikapito, pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa; ikawalo, pagpapakalat ng mga kuru-kuro; ikasiyam, pagbubulalas ng pagkanegatibo; ikasampu, pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis; at ikalabing-isa, pagmamanipula at paggambala sa mga halalan.) Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalimang isyu na ang pakikipag-agawan para sa katayuan at ang ikaanim na isyu na ang pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan. Ang dalawang uri ng mga problemang ito, tulad ng naunang apat na isyu, ay nagdudulot din ng mga kaguluhan at pagkagambala sa buhay iglesia at sa normal na kaayusan ng iglesia. Kung titingnan ang kalikasan ng dalawang uri ng mga problemang ito, ang pinsalang idinudulot ng mga ito sa buhay iglesia, at ang epekto ng mga ito sa buhay pagpasok ng mga tao, maaaring bumuo ang mga ito sa mga tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia.

VII. Pambabatikos at Pagbabangayan sa Isa't Isa

Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikapitong isyu—pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa. Ang gayong mga problema ay karaniwan sa buhay iglesia at malinaw sa lahat ng tao. Kapag nagtitipon ang mga tao para kumain at uminom ng salita ng Diyos, magbahaginan tungkol sa mga personal nilang karanasan, o magtalakay ng ilang aktuwal na problema, ang magkakaibang pananaw o debate tungkol sa kung ano ang tama at mali ay madalas na humahantong sa mga pagtatalo at alitan sa pagitan ng mga tao. Kung hindi nagkakasundo ang mga tao at may iba't iba silang perspektiba, pero hindi ito nakagugulo sa buhay iglesia, maituturing ba ito na pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa? Hindi nga ito maituturing na gayon; nabibilang ito sa normal na pagbabahaginan. Samakatwid, sa panlabas, maraming problema ang maaaring tila nauugnay sa ikapitong isyu, pero sa katunayan, tanging iyong mga mas malubha pagdating sa mga sitwasyon at kalikasan, at maituturing bilang mga paggambala at panggugulo, ang nabibilang sa ilalim ng isyung ito. Magbahaginan tayo ngayon tungkol sa kung aling kalikasan ng mga problema ang batayan para maging kalipikado ang mga ito na maisama sa ilalim ng isyung ito.

Una, kung titingnan ang mga pagpapamalas ng pambabatikos sa isa't isa, tiyak na hindi ito tungkol sa normal na pagbabahaginan tungkol sa katotohanan o paghahanap sa katotohanan, o pagkakaroon ng iba't ibang pagkaunawa o liwanag batay sa pagbabahaginan sa katotohanan, o paghahanap, pagbabahaginan, pagtatalakay sa mga katotohanang prinsipyo, at paghahanap ng landas ng pagsasagawa tungkol sa isang partikular na katotohanan, sa halip, tungkol ito sa pakikipagtalo at pakikipag-alitan sa kung ano ang tama at mali. Sa pangkalahatan ay ganito ito naipapamalas. Nangyayari ba minsan ang ganitong uri ng isyu sa buhay iglesia? (Oo.) Batay lang sa mga panlabas na hitsura, malinaw na ang pagkilos tulad ng pambabatikos sa isa't isa ay tiyak na hindi tungkol sa paghahanap sa katotohanan, o tungkol sa pagbabahaginan sa katotohanan sa ilalim ng paggabay ng Banal na Espiritu, o tungkol sa pakikipagtulungan nang matiwasay, sa halip, nakaugat ito sa pagkamainitin ng ulo, at ang wikang ginamit dito ay naglalaman ng paghusga at pagkondena, at maging ng mga pagsumpa—ang ganitong uri ng pagpapamalas ay tunay na isang pagbubunyag ng tiwaling disposisyon ni Satanas. Kapag binabatikos ng mga tao ang isa't isa, matalas man o maingat ang wika nila, nakapaloob dito ang pagkamainitin ng ulo, ang pagkakaroon ng masamang hangarin, at pagkamuhi, at wala itong pagmamahal, pagpaparaya, at pagtitiis, at likas na lalong wala itong matiwasay na pakikipagtulungan. Iba't iba ang mga pamamaraang ginagamit ng mga tao para batikusin ang isa't isa. Halimbawa, kapag tinatalakay ng dalawang tao ang isang usapin, sinasabi ni A kay B, "May masamang pagkatao at mayabang na disposisyon ang ilang tao; nagpapakitang-gilas sila sa tuwing may kaunti silang ginagawa, at hindi sila nakikinig sa kaninuman. Katulad lang sila ng sinasabi ng mga salita ng Diyos tungkol sa mga barbaro at walang pagkatao gaya ng mga hayop."

Pagkarinig nito, iniisip ni B, “Hindi ba’t ako ang tinutukoy ng sinabi mo? Ginamit mo pa ang mga salita ng Diyos para ilantad ako! Dahil nagsalita ka tungkol sa akin, hindi rin ako magpipigil. Hindi ka naging mabait sa akin, kaya gagawan kita ng mali!” Kaya, sinasabi ni B, “Maaaring tila napakadeboto ng ilang tao sa panlabas, pero ang totoo, sa kaibuturan nila ay mas masahol sila kaysa sa sinupaman. Nakikibahagi pa nga sila sa mga di-wastong ugnayan sa kasalungat na kasarian, tulad lang ng malalandi at mga babaeng bayaran na binanggit sa mga salita ng Diyos—labis na nasusuklam ang Diyos sa gayong mga tao, tutol Siya sa kanila. Ano ang silbi ng pagmumukhang deboto? Pagpapanggap lang ang lahat ng iyon. Pinakaayaw ng Diyos sa mga nagpapanggap; lahat ng nagpapanggap ay mga Pariseo!” Pagkarinig nito, iniisip ni A, “Isa itong kontra-atake laban sa akin! Puwes, hindi ka naging mabait sa akin, kaya huwag mo akong sisisihin kung hindi ako magpipigil!” Nagsimula na silang dalawa na mag-away, sagutan sila nang sagutan. Pagbabahaginan ba ito tungkol sa mga salita ng Diyos? (Hindi.) Ano ang ginagawa nila? (Binabatikos ang isa’t isa at nag-aaway.) Sinusunggaban pa nga nila ang ilang kalamangan at naghahanap ng “batayan” para sa mga pambabatikos nila, ginagamit ang mga salita ng Diyos bilang ang batayan—ito ay pambabatikos sa isa’t isa, at kasabay nito, ito ay pagbabangayan. Nakikita ba minsan sa buhay iglesia ang ganitong anyo ng pagbabahaginan? Normal na pagbabahaginan ba ito? Pagbabahaginan ba ito na nakapaloob sa normal na pagkatao? (Hindi.) Kung gayon, nagdudulot ba ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia ang ganitong anyo ng pagbabahaginan? Anong uri ng mga pagkagambala at kaguluhan ang idinudulot nito? (Nagugulo ang normal na buhay iglesia, nasasadlak sa mga alitan ang mga tao tungkol sa kung ano ang tama at mali, at dahil dito, hindi nila tahimik na mapagnilayan at mapagbahaginan ang mga salita ng Diyos.) Kapag nakikibahagi ang mga tao sa gayong pakikipag-away at mga pagtatalo tungkol sa kung ano ang tama at mali, at nagsasagawa sila ng mga personal na pambabatikos sa panahon ng buhay iglesia, gumagawa pa rin ba ang Banal na Espiritu? Hindi gumagawa ang Banal na Espiritu; labis na nakagugulo sa puso ng mga tao ang ganitong uri ng pagbabahaginan. May ilang salita sa Bibliya, naaalala ba ninyo ang mga ito? (“Muling sinasabi Ko sa inyo, na kung pagkasunduan ng dalawa sa inyo sa lupa ang nauukol sa anumang bagay na kanilang hihingin, ay gagawin sa kanila ng Aking Ama na nasa langit. Sapagkat kung saan nagtitipon ang dalawa o tatlo sa Aking pangalan, ay naroroon Ako sa gitna nila” (Mateo 18:19–20).) Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Kapag nagtitipon-tipon ang mga tao sa harap ng Diyos, kailangan maging iisa ang puso at isip nila sa Diyos at kailangan nilang magkaisa sa harap ng Diyos; magkakaloob lang ang Diyos ng mga pagpapala sa kanila, at gagawa lang ang Banal na Espiritu kapag iisa ang puso at isip ng mga tao. Pero iisa ba ang puso at isip ng dalawang taong nagtatalo na kakabanggit Ko ngayon lang? (Hindi.) Ano ang ginagawa nila? Pambabatikos sa isa’t isa, pakikipag-away, at maging paghusga at pagkondena. Bagama’t hindi sila gumamit ng masasamang salita ng pagsumpa o nagbanggit ng mga pangalan sa panlabas, ang motibasyon sa likod ng mga salita nila ay hindi ang

pagbahaginan o paghahanap sa katotohanan, at hindi sila nagsasalita sa loob ng konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Ang bawat salitang sinasabi nila ay iresponsable, at may pagkaagresibo at pagkamapaminsala; hindi umaayon ang bawat salita sa mga katunayan, ni wala itong anumang batayan. Ang bawat salita ay hindi tungkol sa paghusga sa isang usapin nang ayon sa mga salita at hinihingi ng Diyos, tungkol ito sa pagsisimula ng mga personal na pambabatikos, paghusga, at pagkondena batay sa mga sarili nilang kagustuhan at kalooban laban sa isang taong kinamumuhian at minamaliit nila. Wala sa mga ito ang mga pagpapamalas ng pagiging iisa sa puso at isip; sa halip, ang mga ito ay mga salita at pagpapamalas na nagmumula sa pagkamainitin ng ulo at sa tiwaling disposisyon ni Satanas, at hindi nakakalugod ang mga ito sa Diyos; samakatwid, walang gawain ng Banal na Espiritu roon. Isa itong pagpapamalas ng pambabatikos sa isa't isa.

Sa buhay iglesia, madalas na lumilitaw ang mga alitan at di-pagkakasundo sa pagitan ng mga tao tungkol sa maliliit na usapin o sa magkasalungat na mga pananaw at interes. Madalas ding nagaganap ang mga alitan dahil sa mga hindi magkatugmang personalidad, ambisyon, at kagustuhan. Lumilitaw rin ang iba't ibang uri ng pagtatalo at di-pagkakasundo sa mga indibidwal dahil sa mga pagkakaiba sa katayuan sa lipunan at antas ng pinag-aralan, o mga pagkakaiba sa usapin ng pagkatao at kalikasan nila, at maging mga pagkakaiba sa usapin ng mga paraan ng pananalita at pangangasiwa sa mga usapin, bukod pa sa ibang mga dahilan. Kung hindi hahangarin ng mga tao na lutasin ang mga isyung ito gamit ang salita ng Diyos, kung walang pagkakaunawaan, pagpaparaya, pagsuporta, at pagtulong sa isa't isa, at kung sa halip ay magkikimkim ang mga tao ng mga pagkiling at pagkamuhi sa puso nila, at tatratuhin ang isa't isa nang may pagkamainitin ng ulo sa loob ng mga tiwaling disposisyon, malamang na hahantong ito sa mga pambabatikos at paghusga sa isa't isa. May kaunting konsensiya at katwiran ang ilang tao, at kapag nagaganap ang mga alitan, nagagawa nilang magpasensiya, kumilos nang may katwiran, at tulungan ang kabilang panig nang may pagmamahal. Gayumpaman, hindi ito makamit ng ilang tao, wala sila kahit ng pinakabatayang pagpaparaya, pagpapasensiya, pagkatao, at katwiran. Madalas silang nagkakaroon ng iba't ibang pagkiling, paghihinala, at maling pagkaunawa laban sa iba tungkol sa maliliit na usapin, o sa iisang salita o ekspresyon ng mukha, na humahantong sa pagkakaroon nila ng iba't ibang uri ng kaisipan, pagdududa, paghusga, at pagkondena sa mga ito sa puso nila. Madalas na nagaganap sa loob ng iglesia ang mga penomenong ito at kadalasang nakakaapekto sa normal na ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal, sa matiwasay na pakikisalamuha ng mga kapatid, at maging sa pagbabahaginan nila sa mga salita ng Diyos. Karaniwang lumilitaw ang mga alitan kapag nakikisalamuha ang mga tao sa isa't isa, pero kung madalas na lumitaw ang gayong mga isyu sa buhay iglesia, puwedeng makaapekto, makagulo, at makasira pa nga ang mga ito sa normal na buhay iglesia. Halimbawa, kung magsisimula ang isang tao ng isang pagtatalo sa isang pagtitipon, magugulo ang pagtitipong iyon, hindi magbubunga ang buhay iglesia,

at walang anumang makakamit iyong mga dumadalo sa naturang pagtitipon, at sa katunayan ay magtitipon-tipon sila nang walang saysay at mag-aaksaya ng oras nila. Dahil dito, nakaapekto na ang mga isyung ito sa normal na kaayusan ng buhay iglesia.

A. Ilang Uri ng Pagpapamalas ng Pambabatikos at Pagbabangayan sa Isa't Isa

1. Paglalantad ng mga Pagkukulang ng Isa't Isa

Mahilig magdaldal ang ilang tao tungkol sa mga usapin sa tahanan at di-mahahalagang paksa sa panahon ng mga pagtitipon, at nakikipag-usap sila tungkol sa maliliit na usapin sa tahanan at nakikipagdaldalan sa mga kapatid sa tuwing nakakatagpo nila ang mga ito, at dahil dito ay nararamdaman ng mga kapatid na wala silang magawa. Maaaring may isang taong tumindig para sumingit sa kanila, pero ano ang nangyayari pagkatapos? Kung palagi silang sinisingitan, hindi sila nasisiyahan, at nagiging problema ang pagiging hindi masaya nila. Iniisip nila: "Palagi mo akong sinisingitan at hindi mo ako hinahayaang magsalita. Puwes. Sisingit din ako kapag nagsalita ka! Kapag nakikipagbahaginan ka tungkol sa mga salita ng Diyos, isisingit ko ang isa pang sipi ng mga salita ng Diyos. Kapag nakikipagbahaginan ka tungkol sa pagkakilala sa sarili mo, makikipagbahaginan ako tungkol sa mga salita ng Diyos na humahatol sa mga tao. Kapag nakikipagbahaginan ka tungkol sa pag-unawa sa mayabang mong disposisyon, makikipagbahaginan ako tungkol sa mga salita ng Diyos hinggil sa pagtukoy sa mga kalalabasan at kahahantungan ng mga tao. Anuman ang sabihin mo, may iba akong sasabihin!" Hindi lang iyon, kung sasali ang iba para sumingit sa kanila, titindig ang indibidwal na ito at babatikusin ang mga ito. Kasabay nito, dahil nagkikimkim siya ng sama ng loob at pagkamuhi sa puso niya, madalas niyang inilalantad sa mga pagtitipon ang mga pagkukulang ng taong sumingit sa kanya, sinasabi kung paanong nandaya ng ibang mga tao sa negosyo ang taong iyon bago ito nanampalataya sa Diyos, kung gaano ito kawalang-konsensiya sa mga pakikitungo nito sa iba, at iba pa—binabanggit niya ang mga bagay na ito sa tuwing nagsasalita ang taong iyon. Sa umpisa, nagagawang magpasensiya ng taong iyon, pero sa paglipas ng panahon, nagsisimula na siyang mag-isip: "Palagi kitang tinutulungan, palagi akong nagpaparaya at nagpapasensiya sa iyo, pero hindi ka nagpaparaya sa akin kahit papaano. Kung tatratuhin mo ako nang ganito, huwag mo akong sisisihin kung hindi na ako magpipigil! Napakatagal na nating nakatira sa iisang nayon—kilalang-kilala natin ang isa't isa. Binatikos mo ako, kaya babatikusin kita; inilantad mo ang mga pagkukulang ko, pero marami ka rin namang pagkukulang." Kaya naman, sinasabi niya, "Nagnakaw ka pa nga ng mga bagay-bagay noong bata ka pa; mas kahiya-hiya iyong maliliit na pagnanakaw mo! Kahit papaano, pagnenegosyo naman ang ginawa ko, para sa kabuhayan ang lahat ng iyon. Sino ba ang hindi nakakagawa ng ilang pagkakamali sa mundong ito? Paano naman ang pag-uugali mo? Ang pag-uugali mo ay ang pag-uugali ng isang magnanakaw, ng isang mandurukot!" Hindi ba't pambabatikos ito sa isa't isa? Ano ang pamamaraan ng mga pambabatikos na ito? Ito ay paglalantad ng mga pagkukulang ng isa't isa, hindi ba? (Oo.) Iniisip pa nga niya: "Patuloy mong inilalantad

ang mga pagkukulang ko, ipinapaalam sa lahat ang mga ito at ang kahiya-hiyang nakaraan ko, para hindi na ako galangin ng iba—puwes, kung gayon, hindi na rin ako magpipigil. Alam ko kung gaano na karami ang naging kasintahan mo, kung ilang tao na ng kasalungat na kasarian ang nakarelasyon mo; nakahanda na ang lahat ng balang ito. Kung ilalantad mo pa ulit ang mga pagkukulang ko at gagalitin mo ako nang husto, isisiwalat ko ang lahat ng maling gawa mo!" Ang paglalantad ng mga pagkukulang ng isa't isa ay isang karaniwang isyu sa mga taong magkakilala na at marami nang alam sa isa't isa. Maaaring dahil sa di-pagkakasundo o dahil may mga alitan o sama ng loob sa pagitan nila, ginagamit ng dalawang tao ang mga luma at maliit na isyu bilang sandata para batikusin ang isa't isa sa panahon ng mga pagtitipon. Inilalantad ng dalawang ito ang mga pagkukulang ng isa't isa at binabatikos at kinokondena nila ang isa't isa, kinokonsumo ang oras ng lahat na dapat sana ay para sa pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos, at nakakaapekto sa normal na buhay iglesia. Maaari bang magbunga ang gayong mga pagtitipon? Ginaganahan pa bang makipagtipon ang mga tao sa paligid nila? Nagsisimula nang isipin ng ilang kapatid: "Talagang problema ang dalawang ito, ano ba ang silbi ng pagbabanggit sa mga usaping iyon ng nakaraan! Pareho na silang nananampalataya sa Diyos ngayon, dapat bitiwan na nila ang mga bagay na iyon. Sino ba ang walang mga isyu? Hindi ba't humarap na silang dalawa sa Diyos ngayon? Maaaring malutas ang lahat ng isyung ito gamit ang salita ng Diyos. Ang paglalantad ng mga pagkukulang ay hindi pagsasagawa sa katotohanan, ni hindi ito pagkatuto mula sa mga kalakasan ng isang tao para punan ang sariling mga kahinaan; ito ay mga pambabatikos sa isa't isa, ito ay satanikong pag-uugali." Nakagugulo at nakasisira sa normal na buhay iglesia ang mga pambabatikos nila sa isa't isa. Walang makapipigil sa kanila, at hindi sila makikinig sinuman ang makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan. Pinapayuhan sila ng ilang tao: "Itigil na ninyo ang paglalantad ng mga pagkukulang ng isa't isa. Sa totoo lang, hindi naman malaking isyu ang buong usaping ito; hindi ba't maikling sagutan lang ito? Wala namang matinding pagkamuhi sa pagitan ninyong dalawa. Kung magagawa ninyo pareho na maging bukas, ilantad ang sarili ninyo, bitiwan ang mga pagkiling, sama ng loob, at pagkamuhi ninyo para magdasal at hanapin ang katotohanan sa harap ng Diyos, malulutas ang lahat ng isyung ito." Pero hindi pa rin magkasundo ang dalawang tao. Sinasabi ng isa sa kanila, "Kung magagawa niyang maunang humingi ng tawad sa akin, at kung siya ang unang magbubukas at maglalantad ng sarili niya, gagawin ko rin iyon. Pero kung tulad ng dati, hindi niya bibitiwan ang isyung ito, hindi ako magpipigil laban sa kanya! Sinasabihan mo akong isagawa ko ang katotohanan—bakit hindi niya isagawa iyon? Sinasabihan mo akong bitiwan ko ang mga bagay-bagay—bakit hindi siya ang maunang gumawa nito?" Hindi ba't pagiging hindi makatwiran ito? (Oo.) Nagsisimula silang kumilos nang hindi makatwiran. Walang epekto sa kanila ang payo ng sinuman, at hindi sila nakikinig sa pagbabahagi tungkol sa katotohanan. Sa sandaling magkita sila, nagtatalo na sila, inilalantad na nila ang mga pagkukulang ng isa't isa at binabatikos nila ang isa't isa.

Maliban sa hindi pagsusuntukan, may pagkamuhi sa lahat ng ginagawa nila sa isa't isa, at may halong pambabatikos at pagsumpa ang bawat salitang binibitiwan nila. Kung, sa buhay iglesia, may dalawang taong ganito na nambabatikos at nagbabangayan sa sandaling makita nila ang isa't isa, maaari bang magbunga ang buhay iglesia na ito? May makakamit bang anumang positibo rito ang mga tao? (Wala.) Kapag lumilitaw ang gayong mga sitwasyon, nag-aalala ang karamihan ng tao, sinasabi nila, "Sa tuwing nagtitipon tayo, palaging nag-aaway ang dalawang iyon, at hindi sila nakikinig sa payo ng sinuman. Ano ang dapat nating gawin?" Hangga't naroroon sila, hindi payapa ang mga pagtitipon, at nagugulo nila ang lahat ng tao. Sa gayong mga kaso, dapat mamagitan ang mga lider ng iglesia para lutasin ang isyu; hindi nila dapat hayaang patuloy na guluhin ng gayong mga indibidwal ang buhay iglesia. Kung, pagkatapos ng paulit-ulit na payo, pakikipagbahaginan, at positibong paggabay ay walang nakakamit na mga resulta, at patuloy na pinanghahawakan ng dalawang panig ang mga pagkiling nila at ayaw nilang patawarin ang isa't isa, at patuloy nilang binabatikos ang isa't isa at ginugulo ang buhay iglesia, kailangan nang pangasiwaan ang usapin ayon sa mga prinsipyo. Dapat sabihin sa kanila: "Kayong dalawa ay matagal nang nasa ganitong kalagayan, at nagdulot ito ng matitinding kaguluhan sa buhay iglesia at sa lahat ng kapatid. Galit ang karamihan ng tao sa pag-uugali ninyong ito, pero natatakot silang magsalita tungkol dito. Dahil sa kasalukuyan ninyong saloobin at mga pagpapamalas, alinsunod sa mga prinsipyo, kailangang suspendihin ng iglesia ang pakikilahok ninyo sa buhay iglesia at ibukod kayo para pagnilayan ang sarili ninyo. Kapag kaya na ninyong magkasundo nang matiwasay, lumahok sa normal na pakikipagbahaginan, at magkaroon ng mga normal na ugnayan sa ibang tao, kung gayon, puwede na kayong bumalik sa buhay iglesia." Sumang-ayon man sila rito o hindi, dapat magdesisyon nang ganito ang iglesia; pangangasiwa ito sa usapin batay sa mga prinsipyo. Kailangang pangasiwaan sa gayong paraan ang mga usaping ito. Sa isang banda, nakakabuti ito para sa dalawang indibidwal; maaari itong makahikayat sa kanila na magnilay-nilay at kilalanin ang sarili nila. Sa kabilang banda, pangunahin nitong pinoprotektahan ang mas marami pang mga kapatid mula sa panggugulo ng masasamang tao. Sinasabi ng ilang tao, "Wala naman silang ginawang anumang kasamaan; sa usapin naman ng diwa nila, hindi rin sila masasamang tao. May maliliit lang silang kapintasan sa pagkatao nila, sutil lang sila, may tendensiya na maging hindi makatwiran, at may tendensiya na mainggit at makipag-alitan. Bakit sila ibubukod nang dahil lang dito?" Anuman ang pagkatao nila, basta't nagdudulot sila ng kaguluhan sa buhay iglesia, dapat mamagitan ang mga lider ng iglesia para tugunan at lutasin ang isyu. Kung masama ang dalawang indibidwal na ito, sa sandaling makilatis ito, ang tugon ay hindi dapat ang simpleng ibukod sila; dapat magdesisyon kaagad na direkta silang paalisin. Kung ang mga kilos nila ay limitado sa pambabatikos sa isa't isa at pagtatalo tungkol sa tama at mali nang hindi nagdudulot ng pinsala sa iba o gumagawa ng ibang masamang gawa na magdudulot ng mga kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, at hindi sila masama, hindi na sila kailangan

pang paalisin. Sa halip, dapat suspendihin ang buhay iglesia nila, at dapat silang ibukod para pagnilayan ang sarili nila. Pinakaangkop ang pamamaraang ito. Ang layon ng pangangasiwa sa isyu sa ganitong paraan ay para masiguro ang normal na kaayusan ng buhay iglesia at matiyak na makakapagpatuloy nang normal ang gawain ng iglesia.

2. Paglalantad at mga Pambabatikos sa Isa't Isa

Walang abilidad na makaarok ang ilang tao sa pagkain at pag-inom ng salita ng Diyos at hindi nila alam kung paano pagbahaginan ang kanilang pagkaunawang batay sa karanasan sa salita ng Diyos. Ang alam lang nila ay iugnay ang mga salita ng Diyos na naglalantad ng mga tao sa iba. Kaya naman, sa tuwing nakikipagbahaginan sila tungkol sa katotohanan sa mga salita ng Diyos, palagi silang may mga personal na motibo; palagi nilang gustong samantalahin ang pagkakataon para ilantad at atakihin ang iba, na nagdudulot ng ligalig sa iglesia. Kung iyong mga inilantad ay matatrato nang tama ang mga sitwasyong ito, mauunawaan ang mga ito bilang nagmumula sa Diyos, at matututo ng pagpapasakop at pagpapasensiya, hindi magkakaroon ng anumang mga alitan. Gayumpaman, hindi maiiwasang makaramdam ng pagtutol ang isang tao kapag narinig niyang pinagbabahaginan at inilalantad ng iba ang mga isyu niya. Iniisip niya, "Bakit pagkatapos mong basahin ang mga salita ng Diyos, hindi mo ibinabahagi ang iyong pagkaunawang batay sa karanasan sa mga ito, o hindi mo tinatalakay ang tungkol sa pagkilala sa sarili mo, at sa halip ay binabatikos at pinupuntirya mo lang ako? Ayaw mo ba sa akin? Malinaw nang sinabi ng mga salita ng Diyos na may tiwaling disposisyon ako—kailangan mo pa ba talaga itong sabihin? Maaaring may tiwaling disposisyon ako, pero hindi ba't mayroon ka rin naman? Palagi mo akong pinupuntirya, tinatawag na mapanlinlang, pero may pagkatuso ka rin naman!" Dahil puno siya ng sama ng loob at pagtutol, maaaring magpasensiya siya nang isa o dalawang beses, pero paglipas ng panahon, at naipon na ang mga hinanakit niya, sasabog siya. At kapag sumabog siya, malaking pinsala ito. Sinasabi niya, "Kapag kumikilos at nagsasalita ang ilang tao, nagpapanggap sila na napakamatapat at bukas sa panlabas, pero ang totoo, puno sila ng lahat ng uri ng pakana, at palagi silang may binabalak laban sa iba. Walang nakakaarok sa mga iniisip o intensiyon nila kapag kinakausap sila; mga mapanlinlang silang tao. Kapag nakakatagpo tayo ng gayong mga indibidwal, hindi tayo puwedeng makipag-usap o makisalamuha sa kanila; masyado silang nakakatakot. Kung hindi ka magiging maingat, mahuhulog ka sa bitag nila at madadaya at magagamit ka nila. Ang gayong mga tao ang pinakamasama, ang uri na pinakakinamumuhian at pinakakinasusuklaman ng Diyos. Dapat silang itapon sa walang hanggang hukay, sa lawa ng apoy at asupre!" Pagkatapos itong marinig, iniisip ng kabilang panig, "May mga tiwaling disposisyon ka pero hindi mo hinahayaan ang ibang tao na ilantad ka? Napakayabang at napakamapagmagaling mo, kaya maghahanap ako ng isa pang sipi ng mga salita ng Diyos para ilantad ka, at tingnan natin kung ano ang masasabi mo!" Mas lalo namang nagagalit ang kabilang panig matapos siyang ilantad, at iniisip niya:

“Hindi mo pa rin ito tatantanan, tama ba? Hindi mo pa rin ito bibitiwan, ano? Ayaw mo lang talaga sa akin, at iniisip mong may tiwaling disposisyon ako, hindi ba? Puwes, ilalantad din kita!” Kaya naman sinasabi niya, “Sadyang mga anticristo ang ilang tao; mahal nila ang katayuan at ang papuri ng iba, gustong-gusto nilang sinesermunan ang iba, ginagamit ang mga salita ng Diyos para ilantad at kondenahin ang iba, ipinapaisip sa iba na sila mismo ay walang tiwaling disposisyon. Napakataas ng tingin nila sa sarili nila, at iniisip nilang naging pinabanal na sila, pero hindi ba’t maruruming demonyo lang sila? Hindi ba’t mga Satanas at masasamang espiritu lang sila? Ano ba ang mga anticristo? Ang mga anticristo ay mga Satanas!” Ilang beses na ba silang nag-aaway? May nanalo ba? (Wala.) May nasabi ba silang maaaring magpatibay sa iba? (Wala.) Kung gayon, ano ang mga salitang ito? (Mga paghusga at pagkondena.) Mga paghusga ang mga ito. Walang pakundangan silang nagsasalita nang walang pagsasaalang-alang sa aktuwal na sitwasyon o mga katunayan, basta-bastang hinuhusgahan at kinokondena ang iba, isinusumpa pa nga ang mga ito. May batayan ba sa katunayan ang pagtawag nilang anticristo sa kabilang panig? Anong masasamang gawa at mga pagpapamalas ng isang anticristo ang ipinakita ng taong iyon? Ang tiwaling disposisyon ba nila ay umaabot sa antas ng diwa ng isang anticristo? Kapag naririnig ng hinirang na mga tao ng Diyos na inilalantad nila ang kabilang panig, iisipin ba nilang obhetibo at makatotohanan ito? May anumang kabaitan o mababuting intensiyon ba sa mga salitang binitiwan ng dalawang taong ito? (Wala.) Ang layunin ba nila ay tulungan ang isa’t isa na makilala ang sarili nila, at bigyang-kakayahan ang isa’t isa na iwaksi ang tiwaling disposisyon nila at makapasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon? (Hindi.) Kung gayon, bakit nila ito ginagawa? Para ibulalas ang personal nilang galit, para atakihin at gantihan ang kabilang panig, kaya basta-basta nila itong inaakusahan ng kung ano-ano na hindi naman talaga tugma sa mga katunayan. Hindi nila tumpak na sinusuri o inilalarawan ang isa’t isa batay sa mga salita ng Diyos at sa mga pagbubunyag at diwa ng kabilang panig, sa halip, ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para atakihin ang isa’t isa, maghiganti, at ibulalas ang personal nilang galit; hindi talaga nila pinagbabahaginan ang katotohanan. Isa itong seryosong isyu. Palagi nilang sinusunggaban ang mga bagay-bagay tungkol sa kabilang panig para batikusin at kondenahin ito dahil sa pagkakaroon ng mayabang na disposisyon—masama at mapaminsala ang saloobing ito, at tiyak na walang mabuting intensiyon ang paglalantad na ito. Dahil dito, humahantong lang ito sa pagkamapanlaban at pagkamuhi sa isa’t isa. Kung isasagawa ang paglalantad nang may saloobin ng pagtulong sa iba nang dahil sa pagmamahal, mararamdaman ito ng mga tao at maiituturing nila ito nang tama. Pero kung susunggaban ng isang tao ang mayabang na disposisyon ng kabilang panig para kondenahin at batikusin ito, ito ay para lang atakihin at pahirapan ang taong iyon. May mayabang na disposisyon ang lahat ng tao, kaya bakit iisang tao ang palaging pinupuntirya? Bakit palaging tinututukan ang iisang tao at hindi siya binibitiwan? Ang palagiang paglalantad sa mayabang na disposisyon ng iisang taong iyon—layon ba talaga nitong tulungan siyang iwaksi ang

disposisyong iyon? (Hindi.) Kung gayon, ano ang dahilan nito? Dahil hindi nila gusto ang taong iyon, kaya naghahanap sila ng mga pagkakataon para atakihin ito at makaganti, palaging gustong pahirapan ito. Samakatwid, kapag sinabi nilang ang kabilang panig ay isang anticristo, isang Satanas, isang diyablo, isang mapanlinlang at masamang tao, katunayan ba iyon? Maaaring medyo may kaugnayan ito sa mga katunayan, pero ang layon nila sa pagsasabi ng mga bagay na ito ay hindi para tulungan ang kabilang panig o makipagbahaginan tungkol sa katotohanan kundi para ibulalas ang personal nilang galit at makaganti. Pinahirapan sila, kaya naman gusto nilang gumanti. Paano sila gumaganti? Sa pamamagitan ng paglalantad sa kabilang panig, pagkondena rito, pagtawag dito na isang diyablo, isang Satanas, isang masamang espiritu, isang anticristo—ibinabansag dito ang pinakakahindik-hindik na katawagan, at ang pinakamabigat na akusasyon. Hindi ba't ito ay basta-bastang paghusga at pagkondena? Ang intensiyon, layon, at motibasyon ng parehong panig sa pagsasabi ng mga bagay na ito ay hindi para tulungan ang kabilang panig na kilalanin ang sarili nito at lutasin ang mga tiwaling disposisyon nito, lalong hindi ito para tulungan itong makapasok sa realidad ng salita ng Diyos o maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo. Sa halip, sinusubukan nilang batikusin at atakihin ang kabilang panig, na ilantad ito para makamit nila ang pakay nilang ibulalas ang personal nilang galit at makaganti. Ito ay pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa. Bagama't ang ganitong pamamaraan ng pambabatikos sa iba ay maaaring magmukhang mas may batayan kaysa sa paglalantad ng mga pagkukulang ng isa't isa, at ito ay pag-uugnay ng mga salita ng Diyos sa kabilang panig para sabihing may tiwaling disposisyon ito, at na isa itong diyablo at isang Satanas, at sa panlabas ay tila napaka-espirituwal nito, pareho ang kalikasan ng dalawang pamamaraang ito. Wala sa dalawang pamamaraang ito ang tungkol sa pagbabahaginan sa salita ng Diyos at sa katotohanang nakapaloob sa normal na pagkatao, sa halip, ang mga ito ay tungkol sa iresponsable at basta-bastang paghusga, pagkondena, at pagsumpa sa kabilang panig batay sa mga personal na kagustuhan, at mga personal na pambabatikos. Ang mga usapang may ganitong kalikasan ay nagdudulot din ng mga paggambala at panggugulo sa buhay iglesia, at humahadlang at nakakapinsala ang mga ito sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos.

Ano ang dapat ninyong gawin kapag nakatagpo kayo ng dalawang taong nambabatikos sa isa't isa sa pamamagitan ng paglalantad ng mga tiwaling disposisyon ng isa't isa? Kailangan pa bang hampasin ang lamesa at sermunan sila? Kailangan pa ba silang buhusan ng isang timba ng malamig na tubig para huminahon sila at mapagtanto nila na mali sila at sa gayon ay humingi sila ng tawad sa isa't isa? Malulutas ba ng mga pamamaraang ito ang problema? (Hindi.) Palaging nag-aaway sa bawat pagtitipon ang dalawang indibidwal na ito, at pagkatapos ng bawat pagtitipon, naghahanda na sila para sa susunod na pag-aaway. Sa bahay, naghahanap sila ng mga salita ng Diyos at ng mga basehan para gamitin sa mga pambabatikos nila, nagsusulat pa nga sila ng mga borador, at iniisip nila kung paano babatikusin ang kabilang panig, kung aling mga

aspekto nito ang dapat na batikusin, kung paano ito huhusgahan at kokondenahin, kung anong tono ang gagamitin, at kung aling mga salita ng Diyos ang gagamitin para maisagawa ang pinakakapani-paniwalang pambabatikos at pagkondena. Naghahanap din sila ng iba't ibang espirituwal na termino at gumagamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagpapahayag para kondenahin at atakihin ang kabilang panig, pinipigilan ito na ituwid ang sitwasyon, at nagsusumikap silang pabagsakin ito sa susunod na pag-aaway, at maging imposible para dito na makabangong muli. Pawang nabibilang ang mga pag-uugaling ito sa mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa. Madali bang lutasin ang gayong mga isyu? Kung, pagkatapos tumanggap ng payo, tulong, at pagbabahagi tungkol sa katotohanan mula sa karamihan ng tao, hindi pa rin sila magsisisi o magbabago ng landas—ibig sabihin, magtatalo sila at mumurahin nila ang isa't isa kapag nagkita sila, hindi makikinig sa payo ng sinuman, at hindi sila tatanggap kapag may sinumang nakipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan o nagpungos sa kanila—ano ang dapat gawin? Madali lang itong pangasiwaan: Dapat silang alisin. Hindi ba't malulutas niyon ang problema? Hindi ba't madali iyon? Kailangan pa bang patuloy na makipagbahaginan sa kanila? Kailangan pa bang tulungan sila nang may pagmamahal? Sabihin ninyo sa Akin, angkop bang mapagmahal na magpakita ng pagpaparaya at pagpapasensiya sa gayong mga tao? (Hindi ito angkop.) Bakit hindi ito angkop? (Hindi nila tinatanggap ang katotohanan—walang silbi ang pakikipagbahaginan sa kanila.) Tama, hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Lumalahok lang sila sa mga pagtitipon para makipagbangayan. Hindi sila nananampalataya sa Diyos para hangarin ang katotohanan, at mahilig lang silang makipagbangayan. Isa ba itong pagbubunyag at pagpapamalas ng normal na pagkatao? Mayroon ba sila ng pagkamakatwiran na dapat taglayin ng normal na pagkatao? (Wala.) Wala sila ng pagkamakatwiran ng normal na pagkatao. Sa panahon ng mga pagtitipon, hindi nagbabasa ang ganitong mga tao ng mga salita ng Diyos nang tutok at maayos para maunawaan at matamo sana nila ang katotohanan mula sa mga salita ng Diyos, at nang sa gayon ay malutas ang mga tiwaling disposisyon at problema nila. Sa halip, palagi nilang gustong lutasin ang mga problema ng ibang mga tao. Palagi silang nakatutok sa iba, naghahanap ng mga kapintasan sa mga ito; palagi nilang nilalayong hanapin sa mga salita ng Diyos ang mga problema ng ibang mga tao. Ginagamit nila ang pagkakataong magbasa at makipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos para ilantad at batikusin ang iba, at ginagamit nila ang mga salita ng Diyos para husgahan, maliitin, at kondenahin ang iba. Subalit, inilulugar nila ang sarili nila bilang hiwalay sa mga salita ng Diyos. Anong uri ng tao sila? Ang mga ito ba ay mga taong tumatanggap sa katotohanan? (Hindi.) Partikular silang mahusay at masigasig sa isang bagay: Pagkatapos basahin ang mga salita ng Diyos, madalas nilang tinutukoy sa iba ang iba't ibang problema, kalagayan, at pagpapamalas na inilalantad ng mga salita ng Diyos. Habang mas natutukoy nila ang mga problemang ito, mas nararamdaman nilang nagpapasan sila ng malaking responsabilidad at naniniwala silang marami silang magagawa, iniisip na dapat nilang ilantad ang mga isyung ito. Hindi

nila papalampasin ang kahit isang tao na may ganitong mga isyu. Anong uri ng tao sila? May katwiran ba ang gayong mga tao? May abilidad ba silang umarok sa katotohanan? (Wala.) Sa iglesia, kung hindi magsasalita o magdudulot ng mga kaguluhan ang gayong mga tao, hindi na sila kailangang pangasiwaan. Gayumpaman, kung palagi silang kikilos sa ganitong paraan, palaging binabatikos, hinuhusgahan, at kinokondena ang iba, dapat gumawa ng nararapat na hakbang ang iglesia para pangasiwaan sila, paalisin sila. Para naman sa mga yaong inilantad ng mga tao, at pagkatapos ay nambabatikos, nanghuhusga, at kumokondena sila pabalik gamit ang mga parehong diskarte at paraan, kung malubha ang mga sitwasyon at ginambala at ginulo nila ang buhay iglesia, dapat din silang alisin at ibukod mula sa hinirang na mga tao ng Diyos—hindi dapat maging maluwag sa kanila.

Ano pang ibang mga pagpapamalas ng pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa ang maituturing na may kalikasan ng paggambala at panggugulo sa buhay iglesia para sa kanila? Ang paglalantad ng mga pagkukulang ng isa't isa, at paglalantad ng mga tiwaling disposisyon ng isa't isa para magbulalas ng personal na galit at gantihan ang isa't isa, ay malilinaw na pagpapamalas ng paggambala at panggugulo sa buhay iglesia. Bukod sa dalawang pagpapamalas na ito, mayroon ding pagpapanggap na maging bukas at maglantad at maghimay sa sarili para sadyang ilantad at himayin ang iba—ang ganitong uri ng pambabatikos ay isa ring pagpapamalas ng paggambala at panggugulo sa buhay iglesia. Kung gayon, isang pambabatikos ba ang sinasabi ng isang tao basta't hindi ito tungkol sa sarili niyang mga isyu kundi tungkol sa mga isyu ng ibang mga tao, sinabi man ito nang tuwiran o pinahaging lang nang hindi diretsahan, sa isang maingat na paraan? (Hindi.) Kung gayon, anong mga sitwasyon ang maituturing na mga pambabatikos? Depende ito sa intensiyon at layon sa likod ng sinasabi. Kung ang isang bagay ay sinasabi para atakihin at gantihan ang mga tao, o para magbulalas ng personal na galit, isa itong pambabatikos. Isang sitwasyon ito. Dagdag pa rito, ang pagpapalaki sa mga panlabas na aspekto ng isang problema para husgahan at kondenahin ang mga tao nang taliwas sa mga katunayan at sa kung ano ang totoo, iresponsableng bumubuo ng mga kongklusyon nang hindi man lang sinusuri ang diwa ng isyu—ito rin ay pagbubulalas ng personal na galit at paghihiganti, ito ay paghusga at pagkondena, at maituturing din na isang pambabatikos ang ganitong uri ng sitwasyon. Ano pa? (Ang paggawa ng walang batayang mga tsismis tungkol sa mga tao, kasama ba iyon?) Tiyak na kabilang din ang paggawa ng walang batayang mga tsismis, at mas matindi nga iyon. Ilang sitwasyon ang maituturing na pambabatikos? (Tatlo.) Ibuod ang mga sitwasyong ito. (Ang una ay ang pag-atake sa iba nang may partikular na layon. Ang pangalawa ay ang paghusga at pagkondena sa iba sa paraang salungat sa mga katunayan at sa kung ano ang totoo, na basta-bastang paglalarawan sa ibang mga tao sa isang iresponsableng paraan. Ang pangatlo ay ang paggawa ng walang batayang mga tsismis tungkol sa mga tao.) Ang kalikasan ng bawat isa sa tatlong sitwasyong ito ay maituturing na mga personal na pambabatikos. Paano natin matutukoy kung aling mga sitwasyon

ang maituturing na mga personal na pambabatikos at kung alin ang hindi? Pagdating sa mga nambabatikos, anong mga kilos o salita ang maituturing na isang pambabatikos? Ipagpalagay na ang mga salita ng isang tao ay may kaunting mapanlihis na kalikasan sa iba, at may kakayahang makaligaw sa iba, at may katangian din itong mag-imbento ng tsismis. Ang taong iyon ay gumagawa ng isang bagay mula sa wala at nag-iimbento ng mga tsismis at kasinungalingan para ilihis at iligaw ang mga tao. Ang intensiyon at layon niya ay kumbinsihin ang mas maraming tao na kilalanin at paniwalaan na tama ang sinasabi niya, at sumang-ayon na umaayon sa katotohanan ang sinasabi niya. Kasabay nito, gusto rin niyang maghiganti sa ibang tao, para maging negatibo at manghina ang taong iyon. Iniisip niya, “Ubod ng sama ang karakter mo—dapat kong ilantad ang aktuwal mong sitwasyon, at yurakan iyang kayabangan mo, at tingnan natin kung ano pa ang maipapangalandakan at maipagmamalaki mo! Paano ko magagawang mamukod-tangi sa tabi mo? Hindi maiibsan ang pagkamuhi ko hangga’t hindi ka nasasadlak sa pagkanegatibo at hangga’t hindi kita napapabagsak. Ipapakita ko sa lahat na maaari kang maging negatibo at na may mga kahinaan ka rin!” Kung ito ang layon niya, maituturing na pambabatikos ang mga salita niya. Pero kung ang layunin niya ay linawin lang ang mga katunayan at kung ano ang totoo tungkol sa isang usapin—matapos magkamit ng tumpak na kabatiran dito at matuklasan ang diwa ng isyu sa pamamagitan ng isang panahon ng karanasan, nararamdaman niyang dapat itong pagbahaginan para maunawaan ito ng karamihan at malaman nila kung anong uri ng pagkaarok sa usaping ito ang dalisay, ibig sabihin, ang layon niya ay ituwid ang mga baluktot o isang-panig na pananaw ng mga tao sa usaping ito—isa ba itong pambabatikos? (Hindi.) Hindi niya pinipilit ang isang tao na tanggapin ang personal niyang opinyon, at lalong hindi siya nagkikimkim ng anumang layunin ng personal na paghihiganti. Sa halip, nais lang niyang linawin ang katotohanan ng mga katunayan; gumagamit siya ng pagmamahal para tulungan ang kabilang panig na makaunawa, at para maiwasan nito na maligaw sa pamamagitan ng pagkaunawang ito. Tinatanggap man ito ng kabilang panig o hindi, nagagawa niyang tuparin ang responsabilidad niya. Kaya naman, ang pag-uugali na ito, ang pamamaraang ito, ay hindi isang pambabatikos. Sa pamamagitan ng wika, pagpili ng mga salita, at paraan, tono, at saloobin ng pananalita sa dalawang magkaibang pagpapamalas na ito, malalaman ng isang tao kung ano ang intensiyon at layon ng taong iyon. Kung layon ng isang tao na batikusin ang kabilang panig, tiyak na magiging matalas ang wika niya, at mahahalata ang intensiyon at layon niya sa kanyang tono ng pananalita, intonasyon, pagpili ng mga salita, at saloobin. Kung hindi niya pinipilit ang kabilang panig na tanggapin ang sinasabi niya, at tiyak na hindi niya ito binabatikos, tiyak na aayon ang pananalita niya sa mga pagpapamalas ng konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Dagdag pa rito, ang kanyang saloobin sa pananalita, tono, at pagpili ng mga salita ay tiyak na magiging makatwiran, at nakapaloob sa saklaw ng normal na pagkatao.

Matapos pagbahaginan ang mga prinsipyo ng pagtukoy kung ano ang maituturing na personal na pambabatikos at kung ano ang hindi, kaya na ba ninyong kilatisin ito

ngayon? Kung hindi pa rin ninyo ito makilatis, hindi ninyo makikilala ang diwa ng isyu. Gaano man kaganda pakinggan ang pakikipagbahaginan ng isang tao, kung hindi siya nagsasagawa ayon sa mga prinsipyo, kung hindi niya nilalayong tulungan ang mga tao na maunawaan ang katotohanan at magampanan nang maayos ang mga tungkulin nila, kundi sa halip ay naghahanap siya ng mga bagay na magagamit laban sa mga tao para walang tigil na gambalain ang mga ito, ginagawa ang lahat ng makakaya niya para husgahan at kondenahin ang mga ito, at bagama't mukhang kinikilatis niya ang mga tao sa panlabas, ang totoo, ang intensiyon at layon niya ay kondenahin at batikusin ang iba, kinasasangkutan ng isang personal na pambabatikos ang sitwasyong ito. Ang maliliit na bagay na nangyayari sa pagitan ng mga tao ay napakasimple at napakalinaw; kung pagbabahaginan ang katotohanan tungkol sa mga usaping ito, hindi ito tatagal ng isang buong pagtitipon. Kung gayon, kailangan bang gamitin ang oras ng mga kapatid sa pamamagitan ng pagsasalita nang mahaba tungkol sa mga ito sa bawat pagtitipon? Hindi ito kailangan. Kung palaging gagambalain ng mga tao ang iba nang walang tigil, maituturing iyon na pambabatikos sa mga tao at pagdudulot ng mga kaguluhan. Bakit kumakapit ang mga tao sa isang usapin at walang tigil na nagsasalita tungkol dito? Dahil walang sinuman ang handang bitiwan ang sarili nilang mga intensiyon at layon, walang sinuman ang nagtatangkang kilalanin ang sarili nila, at walang sinuman ang tumatanggap sa katotohanan, o sa mga katunayan at sa kung ano ang totoo, kaya naman walang tigil nilang ginagambala ang iba. Ano ang kalikasan ng walang tigil na paggambala sa iba? Isa itong pambabatikos. Ito ay paghahanap ng mga bagay na magagamit laban sa iba, paghahanap ng mali sa mga salitang ginagamit ng ibang mga tao, at paggamit ng mga pagkukulang ng ibang mga tao laban sa mga ito, walang tigil na tumutuon sa iisang bagay lang at nakikipagtalo hanggang sa mamula na ang mukha. Kung ang mga tao ay nakikipagbahaginan mula sa saklaw ng normal na pagkatao, sinusuportahan at tinutulungan ang isa't isa—ibig sabihin, tinutupad ang responsabilidad nila—mas lalong bubuti ang ugnayan sa pagitan nila. Pero kung binabatikos nila ang isa't isa at nagtatalo sila, nasasalabid sa isa't isa para lang linawin ang sarili nilang mga pangangatwiran, palaging gustong makalamang, ayaw tumanggap ng pagkatalo at hindi nakikipagkompromiso, hindi binibitiwan ang mga personal na hinanakit, sa huli ay mas tataas ang tensiyon sa ugnayan nila at mas lalong lalala ang naturang ugnayan; hindi ito magiging isang normal na ugnayan sa pagitan nila, at puwedeng umabot pa ito sa puntong mamumula ang mga mata nila sa tuwing magkikita sila. Isipin ninyo, kapag nag-aaway ang mga aso, namumula ang mga mata ng asong mabangis. Ano ang ibig sabihin ng pamumula ng mga mata nito? Hindi ba't punung-puno ito ng pagkamuhi? Hindi ba't pareho ito sa pambabatikos ng mga tao sa isa't isa? Kung, kapag pinagbabahaginan ng mga tao ang katotohanan, hindi nila babatikusin ang isa't isa, kundi sa halip ay magagawa nilang punan ang mga pagkukulang ng isa't isa sa pamamagitan ng pagsandal sa mga kalakasan ng isa't isa at pagsuporta sa isa't isa, posible bang maging masama ang ugnayan sa pagitan nila? Tiyak na magiging mas normal ang ugnayan

nila. Kapag ang dalawang tao ay nag-uusap, nagkukuwentuhan, nagbabahaginan, o nagdedebate pa nga sa saklaw ng konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao, magiging normal ang ugnayan nila, at hindi sila magagalit o magsisimulang mag-away sa sandaling magkita sila. Kung uusbong ang pagkamuhi at ang hindi maipaliwanag na poot sa mga tao kahit hindi pa sila nagkikita, dahil lang nabanggit ang kabilang panig, hindi ito isang pagpapamalas ng pagkakaroon ng katwiran at konsensiya ng normal na pagkatao. Binabatikos ng mga tao ang isa't isa dahil may mga tiwaling disposisyon sila; ganap itong walang kinalaman sa kapaligiran nila. Lahat ng ito ay dahil hindi minamahal ng mga tao ang katotohanan, hindi nila matanggap ang katotohanan, at hindi nila isinasagawa ang katotohanan o pinangangasiwaan ang mga usapin batay sa mga prinsipyo kapag may mga nagaganap na alitan, at dahil dito, karaniwan na nangyayari sa buhay iglesia ang mga kaso ng mga paglalantad ng mga pagkukulang ng isa't isa, mga paghusga sa isa't isa, at maging ang mga pambabatikos at pagkondena sa isa't isa. Dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, at madalas silang nasa kalagayan ng kawalan ng katwiran, at namumuhay sila ayon sa mga tiwaling disposisyon nila, at kahit na nauunawaan nila ang ilan sa katotohanan, mahirap para sa kanila na isagawa ito, at madaling umusbong sa pagitan nila ang mga alitan at iba't ibang uri ng pambabatikos. Kung paminsan-minsang nangyayari ang mga pambabatikos na ito, pansamantala lang ang epekto ng mga ito sa buhay iglesia, pero iyong mga palaging may tendensiyang mambatikos sa isa't isa ay nagdudulot ng malulubhang paggambala at kaguluhan sa buhay iglesia, at lubha rin silang nakakaapekto at nakakahadlang sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos.

3. Mga Pagbabangayan

Sa iglesia, may isa pang uri ng tao—ang uri ng taong ito ay partikular na mahilig na pangatwiranan ang sarili niya. Halimbawa, kung may ginawa o sinabi siyang mali, natatakot siyang magkaroon ng masamang opinyon ang iba tungkol sa kanya, at na makakaapekto ito sa imahe niya sa mata ng karamihan, kaya pinapangatwiranan niya ang sarili niya at ipinapaliwanag ang usapin sa mga pagtitipon. Ang layon niya sa pagpapaliwanag nito ay para maiwasan ang pagkakaroon ng mga tao ng masamang opinyon tungkol sa kanya, kaya pinagsusumikapan at pinag-iisipan niya ito nang husto, nagninilay-nilay siya buong araw: "Paano ko malilinaw ang usaping ito? Paano ko ito maipapaliwanag nang malinaw sa taong iyon? Paano ko mapapabulaanan ang masasamang opinyong nabuo niya tungkol sa akin? Ang pagtitipon ngayong araw ay isang magandang pagkakataon para pag-usapan ang usaping ito." Sa pagtitipon, sinasabi niya, "Ang bagay na ginawa ko noong nakaraan ay hindi para saktan o ilantad ang sinuman; mabuti ang intensiyon ko, ito ay para tulungan ang mga tao. Subalit, palaging nagkakamali ng pagkaunawa sa akin ang ilang tao, palagi nila akong gustong puntiryahin, at palaging iniisip na sakim at ambisyoso ako, at na masama ang pagkatao ko. Pero ang totoo, hindi naman talaga ako ganoon, hindi ba? Hindi ko ginawa o sinabi

ang ganoong mga uri ng bagay. Noong nagsalita ako tungkol sa isang tao nang wala siya, hindi ko naman sinadyang lumikha ng problema para sa kanya. Kapag nakagawa ng masasamang bagay ang mga tao, paanong hindi nila tutulutan ang ibang mga tao na pag-usapan ito?" Marami siyang sinasabi, kapwa pinapangatwiranan at ipinagtatanggol ang sarili niya, habang inilalantad din ang marami-raming isyu ng kabilang panig, at ginagawa niya ang lahat ng ito para mailayo ang sarili niya sa usapin, para mapapaniwala ang lahat na hindi isang tiwaling disposisyon ang ibinunyag niya, at na wala siyang masamang pagkatao o di-pagkagusto sa katotohanan, at lalong wala siyang mapaminsalang intensiyon, at para sa halip ay isipin ng mga ito na mabuti ang intensiyon niya, na madalas na nagkakamali ng pagkaunawa ang mga tao sa mabubuting intensiyon niya, at na madalas siyang kinokondena dahil sa mga maling pagkaunawa ng iba. Kapwa sa hayagan at di-hayagang paraan, pinaparamdam ng mga salita niya sa mga tagapakinig na inosente siya, at na ang mga taong nag-isip na mali at masama siya ang siyang masasama at mga hindi nagmamahal sa katotohanan. Pagkarinig nito, nauunawaan ng kabilang panig: "Hindi ba't ang punto ng mga salita mo ay ang sabihing wala kang tiwaling disposisyon? Hindi ba't ito ay para lang magmukha kang mabuti? Hindi ba't ito ay sadyang walang pagkakilala sa sarili, hindi pagtanggap sa katotohanan, hindi pagtanggap sa mga katunayan? Kung hindi mo tinatanggap ang mga bagay na ito, sige lang, pero bakit mo ako pinupuntirya? Hindi ko intensiyong puntiryahin ka, ni ginusto kong atakihin ka. Puwede mong isipin ang anumang gusto mong isipin; ano naman ang kinalaman nito sa akin?" Kaya naman, hindi na niya mapigilan ang sarili niya, at sinasabi niya, "Kapag ang ilang tao ay nakakaranas ng maliit na isyu, nagdurusa ng kaunting di-patas na pagtrato o pasakit, ayaw na nila itong tanggapin, at gusto nilang pangatwiranan at ipaliwanag ang sarili nila; palagi nilang sinusubukang ilayo ang sarili nila sa isyu, palagi nilang gustong magmukha silang mabuti, na pakintabin ang imahe nila. Hindi naman sila ganoong uri ng tao, kaya bakit nila sinusubukang magmukhang mabuti, na magmukha silang perpekto? Bukod pa rito, nakikipagbahaginan ako sa katotohanan, hindi ko pinupuntirya ang sinuman, ni iniisip na atakihin o gantihan ang sinuman. Isipin na ng mga tao ang gusto nilang isipin!" Nagbabahaginan ba sa katotohanan ang dalawang taong ito? (Hindi.) Kung gayon, ano ang ginagawa nila? Sinasabi ng isang panig, "Ginawa ko ang mga bagay na iyon para sa gawain ng iglesia. Wala akong pakialam sa iniisip mo." Sinasabi naman ng kabilang panig, "Kapag kumikilos ang tao, nagmamasid ang Langit. Alam ng Diyos ang mga iniisip ng mga tao. Huwag mong isipin na dahil lang mayroon kang kaunting kabutihan, abilidad, at husay sa pagsasalita, at hindi ka gumagawa ng masasamang bagay ay hindi ka na sisiyasatin ng Diyos; huwag mong isipin na kung malalim mong itatago ang mga iniisip mo ay hindi na makikita ng Diyos ang mga ito. Nakikita ng lahat ng kapatid ang mga ito—lalo na ng Diyos! Hindi mo ba alam na sinisiyasat ng Diyos ang kaibuturan ng puso ng mga tao?" Ano ang pinagtatalunan nilang dalawa? Ang isang panig ay nagsusumikap nang husto na pangatwiranan ang sarili niya, na linisin ang sarili niya,

ayaw niyang magkaroon ng masamang impresyon ang iba tungkol sa kanya, samantalang ang kabilang panig ay nagpupumilit na huwag itong bitiwan, hindi tinutulutan ang taong iyon na magmukhang mabuti, at kasabay nito ay pakay niyang ilantad at kondenahin ito sa pamamagitan ng mga paninita. Sa panlabas, hindi direktang minumura at inilalantad ng dalawang taong ito ang isa't isa, pero may balak sa pananalita nila: Sinusubukan ng isang panig na maiwasan na magkamali ng pagkaunawa sa kanya ang kabilang panig, at iginigiit na linisin nito ang pangalan niya, samantalang tumatanggi naman ang kabilang panig na gawin iyon, at sa halip ay pilit siyang binabansagan at kinokondena nito, hinihingi ang pag-amin ng kabilang panig. Ang pag-uusap bang ito ay isang normal na pagbabahaginan sa katotohanan? (Hindi.) Isa ba itong pag-uusap na batay sa konsensiya at katwiran? (Hindi.) Kung gayon, ano ang kalikasan ng ganitong uri ng pag-uusap? Pambabatikos ba sa isa't isa ang ganitong uri ng pag-uusap? (Oo.) Ang panig ba na pinapangatwiranan ang sarili niya ay nakikipagbahaginan tungkol sa kung paano niya matatanggap ang mga bagay mula sa Diyos, makikilala ang sarili niya, at mahahanap ang mga prinsipyong dapat isagawa? Hindi, pinapangatwiranan niya ang sarili niya sa ibang mga tao. Gusto niyang linawin ang kanyang mga iniisip, pananaw, intensiyon, at layon sa iba, na ipaliwanag ang sarili niya sa kabilang panig, at linisin ng kabilang panig ang pangalan niya. Higit pa rito, gusto niyang itanggi ang paglalantad at pagkondena sa kanya ng kabilang panig, at umaayon man sa mga katunayan o sa katotohanan ang sinasabi ng kabilang panig, hangga't hindi niya ito kinikilala o ayaw niya itong tanggapin, kung gayon, itinuturing niyang mali ang sinasabi ng kabilang panig, at gusto niya itong itama. Samantala, ayaw linisin ng kabilang panig ang pangalan niya at sa halip ay inilalantad siya, pinipilit siyang tanggapin ang pagkondena nito. Ang isang panig ay ayaw tumanggap, at ang kabilang panig ay pilit siyang pinapatanggap, na humahantong sa mga pambabatikos sa isa't isa. Ang kalikasan ng ganitong uri ng diyalogo ay pambabatikos sa isa't isa. Kaya, ano ang kalikasan ng ganitong uri ng pambabatikos? Nailalarawan ba ang pag-uusap na ito ng pagtanggi sa isa't isa, pagrereklamo sa isa't isa, at pagkondena sa isa't isa? (Oo.) Nangyayari din ba ang ganitong anyo ng diyalogo sa buhay iglesia? (Oo.) Ang ganitong uri ng mga pag-uusap ay pawang mga pagbabangayan.

Bakit tinatawag na mga pagbabangayan ang ganitong mga uri ng diyalogo? (Dahil ang mga taong sangkot ay nagtatalo tungkol sa tama at mali, walang sinuman ang nagtatangkang kilalanin ang sarili nila, at walang sinuman ang may nakakamit na anuman; patuloy lang silang tumutuon sa usapin, at walang kabuluhan ang mga diyalogo.) Salita lang sila nang salita at nagsasayang lang ng laway sa pagtatalo sa kung sino ang tama o mali, kung sino ang mas mataas o mas mababa. Walang tigil silang nagtatalo nang wala namang nananalo sa kahit na sino, at pagkatapos ay patuloy silang nagtatalo. Ano ang nakakamit nila rito sa huli? Ito ba ay pagkaunawa sa katotohanan, pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos? Ito ba ay isang abilidad na magsisi at tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos? Ito ba ay isang abilidad na tanggapin ang mga bagay mula sa Diyos at higit na kilalanin ang sarili nila? Hindi nila nakakamit ang anuman sa mga bagay na ito. Ang

mga walang-kabuluhang alitang ito at ang mga diyalogong ito tungkol sa tama at mali ay mga pagbabangayan. Sa madaling salita, ang mga pagbabangayan ay mga ganap na walang-kabuluhang pag-uusap, kung saan ang lahat ng sinasabi ay walang saysay, wala ni isang salita ang nakakapagpatibay o kapaki-pakinabang sa iba, kundi sa halip, ang mga salitang binibitiwan ay pawang nakakasakit, at nagmumula sa kalooban ng tao, pagkamainitin ng ulo, sa isipan ng mga tao, at siyempre, higit na nagmumula ang mga ito sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao. Ang bawat salitang binibitiwan ay para sa kapakanan ng sariling mga interes, imahe, at reputasyon ng isang tao, hindi para sa pagpapatibay o pagtulong sa iba, hindi para sa sariling pagkaunawa ng isang tao sa isang aspekto ng katotohanan o para sa pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos, at siyempre, hindi para sa pagtalakay kung alin sa mga tiwaling disposisyon ng isang tao ang inilalantad sa mga salita ng Diyos, kung tumutugma man ang mga tiwaling disposisyon niya sa mga salita ng Diyos, o kung tama man ang pagkaunawa niya. Kahit gaano kalugod-lugod, kataos-puso, o kataimtim pakinggan itong mga walang-kabuluhang pangangatwiran sa sarili at mga paliwanag, ang lahat ng ito ay pawang mga pagbabangayan at pambabatikos sa isa't isa at panghuhusga, na hindi nakakabuti sa iba o sa sarili. Hindi lang nakakapinsala ang mga ito sa iba at nakakaapekto sa normal na ugnayan ng isang tao sa iba, hinahadlangan din ng mga ito ang sariling paglago sa buhay ng isang tao. Sa madaling salita, anuman ang mga dahilan, intensiyon, saloobin, tono, o mga pamamaraan at teknik na ginamit, hangga't nauugnay ang basta-bastang paghusga at pagkondena sa iba, kung gayon, ang mga salita at pamamaraang ito, at iba pa, ay pawang nasasaklaw sa kategorya ng pambabatikos sa iba, lahat ng ito ay mga pagbabangayan. Malawak ba ang saklaw na ito? (Napakalawak nito.) Kaya, kapag nakakaranas kayo ng mga pambabatikos, panghuhusga, at pagkondena ng mga tao, kaya ba ninyong umiwas sa mga asal ng pambabatikos at pagkondena sa iba? Paano kayo dapat magsagawa kapag nararanasan ninyo ang ganitong mga uri ng sitwasyon? (Dapat tayong tumahimik sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin; sa gayon, mawawala na ang pagkamuhi sa puso natin.) Hangga't maunawain at makatwiran ang isang tao, hangga't kaya niyang tumahimik sa harap ng Diyos at magdasal sa Diyos, at tanggapin ang katotohanan, kaya niyang kontrolin ang mga intensiyon at pagnanais niya, at maaari na siyang umabot sa puntong hindi na niya hinuhusgahan o binabatikos ang iba. Hangga't ang intensiyon at layon ng isang tao ay hindi para magbulalas ng personal na galit o maghiganti, at lalong hindi para batikusin ang kabilang panig, at sa halip ay nasasaktan niya ang kabilang panig nang hindi sinasadya dahil hindi niya nauunawaan ang katotohanan o masyadong paimbabaw ang pagkaunawa niya rito, at dahil medyo hangal at mangmang o sutil siya, kung gayon, sa pamamagitan ng tulong, suporta, at pakikipagbahaginan mula sa iba, pagkatapos maunawaan ang katotohanan, magiging mas tumpak ang pananalita niya, gayundin ang mga pagsusuri at pananaw niya sa iba, at magagawa niyang tratuhin nang tama ang mga tiwaling disposisyong ibinubunyag ng ibang mga tao at ang mga maling pagkilos ng mga ito, kaya unti-unting

mababawasan ang mga pambabatikos at panghuhusga niya sa iba. Gayumpaman, kung ang isang tao ay palaging namumuhay sa saklaw ng mga tiwaling disposisyon niya, naghahanap ng mga pagkakataon para maghiganti sa sinumang hindi niya gusto o nakapagpasama ng loob niya o nakapinsala sa kanya noon, palaging nagkikimkim ng gayong mga intensiyon, at hindi talaga naghahanap sa katotohanan o nagdarasal o umaasa sa Diyos, kung gayon, kaya niyang batikusin ang iba sa anumang oras at saanmang lugar, at mahirap itong lutasin. Madaling lutasin ang di-sadyang pambabatikos sa iba, pero hindi ang sadya at intensiyonal na pambabatikos. Kung paminsan-minsang di-sadyang binabatikos at hinuhusgahan ng isang tao ang iba, sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa katotohanan ng mga tao para suportahan at tulungan siya, magagawa niyang baguhin ang landas niya sa sandaling maunawaan na niya ang katotohanan. Gayumpaman, kung ang isang tao ay palaging naghahangad na maghiganti at magbulalas ng personal na galit, palaging gustong pahirapan o pabagsakin ang iba, at binabatikos niya ang iba nang may gayong mga intensiyon, na puwedeng maramdaman at makita ng lahat ng tao, kung gayon, nagiging paggambala at panggugulo sa buhay iglesia ang gayong pag-uugali; ganap itong nagdudulot ng sadyang pagkagambala at kaguluhan. Samakatwid, ang pagkakaroon ng disposisyong ito ng pambabatikos sa iba ay mahirap baguhin.

Ngayon, nauunawaan na ba ninyo kung paano dapat lutasin ang isyu ng pambabatikos at pagkondena sa iba? May isang paraan lang—dapat magdasal at umasa sa Diyos ang isang tao, at saka unti-unting mawawala ang pagkamuhi niya. May dalawang pangunahing uri ng mga tao na maaaring bumatikos sa iba. Ang isang uri ay iyong mga taong nagsasalita nang hindi nag-iisip, na prangka at diretsahan, at na maaaring makapagsabi ng mga nakakasakit na salita kapag may mga tao silang hindi nagugustuhan. Gayumpaman, kadalasan ay hindi nila intensiyon o sinasadyang batikusin ang mga tao—hindi lang talaga nila mapigilan ang sarili nila, ganito lang talaga ang disposisyon nila, at hindi sinasadyang nababatikos nila ang ibang mga tao. Kung pupungusan sila, kaya nila itong tanggapin, kaya naman hindi masasamang tao ang mga ito, at hindi sila ang mga puntirya para sa pagpapaalis. Pero hindi tinatanggap ng masasamang tao ang pagpupungos, at madalas silang nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, madalas nilang binabatikos, hinuhusgahan, inaatake, at ginagantihan ang iba, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Sila ay masasamang tao, at sila ang kailangang tugunan at alisin ng iglesia. Bakit kailangan silang tugunan at alisin? Batay sa kalikasang diwa nila, ang pag-uugali nila ng pambabatikos sa iba ay hindi di-sinasadya, kundi sinasadya. Ito ay dahil may mapaminsalang pagkatao ang ganitong mga tao—walang sinuman ang puwedeng makapagpasama ng loob nila o pumuna sa kanila, at kung may magsasabi ng isang bagay na aksidenteng makakasakit sa kanila nang kaunti, mag-iisip sila ng mga pagkakataon para makapaghiganti—kaya naman, ang gayong mga tao ay may kakayahang bumuo ng mga pambabatikos laban sa iba. Isa itong uri ng tao na kailangang harapin at alisin ng iglesia. Ang sinumang nambabatikos

at nagbabangayan sa isa't isa—anuman ang panig niya, aktibo o pasibo man siyang nambabatikos—basta't nakikilahok siya sa ganitong mga uri ng pambabatikos, isa siyang masamang tao na may masasamang intensiyon, na magpapahirap sa iba sa sandaling makaramdam siya ng kahit kaunting pagkadismaya. Nagdudulot ng malulubhang pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia ang gayong mga tao. Isa siyang uri ng masamang tao sa loob ng iglesia. Ang di-masyadong malulubhang kaso ay maaaring harapin sa pamamagitan ng pambubukod sa naturang tao para magnilay-nilay; sa mas malulubhang kaso, kailangang paalisin o patalsikin ang naturang tao. Ito ang prinsipyong kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa pagdating sa pangangasiwa sa usaping ito.

Sa pamamagitan ng pagbabahaginang ito, nauunawaan na ba ninyo ngayon ang ibig sabihin ng pambabatikos sa iba? Kaya na ba ninyo itong kilatisin? Matapos Kong tukuyin kung ano ang pambabatikos, iniisip ng ilang tao, "Dahil sa gayong napakalawak na depinisyon ng pambabatikos sa iba, sino pa ang maglalakas-loob na magsalita sa hinaharap? Wala sa ating mga tao ang nakakaunawa sa katotohanan, kaya ang pagbubuka lang ng bibig natin ay mauuwi na sa pambabatikos sa iba, na kahindik-hindik! Sa hinaharap, dapat na lang tayong kumain ng pagkain at uminom ng tubig at manahimik, itikom ang bibig natin at huwag magsalita nang walang ingat mula sa sandaling gumising tayo sa umaga para maiwasang mambatikos ng iba. Napakaganda siguro niyon, at magiging mas mapayapa ang mga araw natin." Tama ba ang ganitong paraan ng pag-iisip? Hindi nakakalutas sa problema ang pagtitikom ng bibig; ang diwa ng isyu ng pambabatikos sa iba ay isang problema sa puso ng isang tao, bunga ito ng mga tiwaling disposisyon ng isang tao, at hindi ito isang problema sa bibig ng isang tao. Ang sinasabi ng mga tao gamit ang bibig nila ay pinamamahalaan ng mga tiwaling disposisyon at iniisip nila. Kung malulutas ang mga tiwaling disposisyon ng isang tao, at talagang mauunawaan niya ang ilang katotohanan, at magiging medyo may prinsipyo at maingat ang pananalita niya, bahagyang malulutas ang isyu niya ng pambabatikos sa iba. Siyempre, sa loob ng buhay iglesia, para magkaroon ng mga normal na ugnayan sa isa't isa ang mga tao, at hindi sila mambatikos o magbangayan sa isa't isa, kailangan nilang madalas na lumapit sa Diyos sa panalangin, humingi ng patnubay ng Diyos, at tumahimik sa harap ng Diyos nang may debotong puso na nagugutom at nauuhaw sa katuwiran. Sa ganoong paraan, kapag di-sinasadyang nakapagsabi ang isang tao ng isang bagay na nakakasakit sa iyo, magagawang tumahimik ng puso mo sa harap ng Diyos, hindi sasama ang loob mo sa kanya, at hindi mo gugustuhing makipagtalo sa kabilang panig, lalong hindi mo gugustuhing ipagtanggol at pangatwiranan ang sarili mo. Sa halip, tatanggapin mo ito mula sa Diyos, magpapasalamat ka sa Diyos sa pagbibigay sa iyo ng magandang pagkakataon para makilala ang sarili mo, at magpapasalamat ka sa Kanya para sa pagtutulot sa iyo, sa pamamagitan ng mga salita ng iba, na mabatid na may ganito at ganoon ka pa ring isyu. Isa itong mabuting pagkakataon para sa iyo na makilala ang sarili mo, biyaya ito ng Diyos, at dapat mo itong tanggapin mula sa Diyos.

Hindi ka dapat magkimkim ng sama ng loob sa taong nakasakit sa iyo, ni masuklam o mamuhi sa taong di-sinasadyang nag-ungkat ng mga kamalian mo o naglantad ng mga pagkukulang mo, hindi mo rin siya dapat iwasan nang sadya o di-sinasadya o gumamit ng kung ano-anong paraan upang gantihan siya. Hindi nakakalugod sa Diyos ang mga pamamaraang ito. Lumapit sa Diyos para magdasal nang madalas, at kapag kumalma na ang puso mo, magagawa mo na itong tratuhin nang tama kapag napinsala ka ng iba nang hindi sinasadya, magagawa mong magpakita ng pagpaparaya at pagpapasensiya sa kanila. Kung sadya kang pipinsalain ng isang tao, ano ang dapat mong gawin? Paano mo ito haharapin—makikipagtalo ka ba sa kanya dahil sa pagkamainitin ng ulo, o tatahimik ka ba sa harap ng Diyos at hahanapin mo ang katotohanan? Siyempre, kahit hindi Ko na sabihin, malinaw na sa inyong lahat kung aling paraan ng pagpasok ang tamang piliin.

Napakahirap iwasan ang mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa sa buhay iglesia kung aasa sa lakas ng tao, pagpipigil sa sarili ng tao, at pagpapasensiya ng tao. Kahit gaano kabuti ang pagkatao mo, kahit gaano ka kamahinahon at kabait, o kahit gaano ka kabukas-palad, hindi maiiwasang makakatagpo ka ng ilang tao o bagay na makakasakit sa iyong dignidad, integridad, at iba pa. Dapat may prinsipyo ka sa isipan mo kung paano pangasiwaan at tratuhin ang ganitong mga uri ng isyu. Kung haharapin mo ang mga isyung ito nang may pagkamainitin ng ulo, napakadali lang nito: Isusumpa ka nila, at isusumpa mo sila, babatikusin ka nila, at babatikusin mo sila, ngipin sa ngipin, mata sa mata, ginagawa mo sa kanila pabalik ang ginagawa nila sa iyo gamit ang mga parehong pamamaraan, at pinoprotektahan mo ang dignidad, integridad, at reputasyon mo. Napakadali nitong makamit. Gayumpaman, dapat mong timbangin sa puso mo kung wasto ba ang pamamaraang ito, kung nakakabuti ba ito sa iyo at sa iba, at kung nakakalugod ba ito sa Diyos. Kadalasan, kapag hindi pa nauunawaan ng mga tao ang diwa ng isyung ito, ang agad nilang naiisip ay, "Hindi siya nagpapakita ng awa sa akin, kaya bakit dapat akong magpakita ng awa sa kanya? Hindi siya nagpapakita ng pagmamahal sa akin, kaya bakit ko siya dapat tratuhin nang may pagmamahal? Wala siyang pagpapasensiya sa akin at hindi niya ako tinutulungan, kaya bakit dapat akong magpasensiya o tumulong sa kanya? Hindi siya mabait sa akin, kaya gagawan ko siya ng mali. Bakit hindi ako puwedeng gumanti ng ngipin sa ngipin, mata sa mata?" Ito ang mga unang naiisip ng mga tao. Pero kapag talagang kumilos ka sa gayong paraan, payapa ba ang loob mo, o hindi ka mapakali at nasasaktan ka? Kapag talagang pinili mo ito, ano ang nakakamit mo? Ano ang natatamo mo? Maraming tao ang nakaranas na kapag talagang kumikilos sila sa ganitong paraan, nababagabag ang kalooban nila. Siyempre, para sa karamihan ng tao, hindi ito usapin ng pagkakonsensiya, lalong hindi ito pagkabagabag na dulot ng damdamin na may pagkakautang sila sa Diyos; walang gayong uri ng tayog ang mga tao. Ano ang sanhi ng pagkabagabag nilang ito? Nagmumula ito sa pagkamuhi ng mga tao, sa hamon sa dignidad at integridad nila kapag iniinsulto sila, gayundin sa sakit na nararamdaman nila at sa mga pagsiklab ng poot, pagkamuhi, pagsuway, at sama ng loob na umuusbong sa puso nila kapag ginagalit

sila nang pasalita, at ang lahat ng ito ay nagiging sanhi ng pagkabagabag ng mga tao. Ano ang mga kahihinatnan ng pagkabagabag na ito? Agad-agad pagkatapos na maramdaman ito, magsisimula kang magnilay-nilay kung paano gagamitin ang wika para pangasiwaan ang taong iyon, kung paano gagamit ng legal at makatwirang pamamaraan para pabagsakin siya, para ipakita sa kanya na may dignidad at integridad ka at na hindi ka madaling apihin. Kapag nababagabag ka, kapag nakabubuo ka ng pagkamuhi, ang iniisip mo ay hindi ang pagpapakita ng pagpapasensiya at pagpaparaya sa taong iyon, o ang tamang pagtrato sa kanya, o iba pang mga positibong bagay, kundi sa halip ay ang lahat ng negatibong bagay, tulad ng pagseselos, pagkasuklam, pagkapoot, matinding galit, pagkamuhi, at pagkondena, hanggang sa puntong isinusumpa mo na siya nang di-mabilang na beses sa puso mo, at, anuman ang oras—kahit na habang kumakain o natutulog ka—iniisip mo kung paano siya gagantihan, at iniisip mo kung paano mo siya haharapin at kung paano mo pangangasiwaan ang gayong mga sitwasyon kung babatikusin o kokondenahin ka niya, at iba pa. Ginugugol mo ang buong araw sa pagninilay kung paano papabagsakin ang kabilang panig, kung paano ibubulalas ang sama ng loob at pagkamuhi mo, at kung paano mo mapapasuko ang kabilang panig, at kung paano siya matatakot sa iyo at hindi na mangangahas na galitin kang muli. Madalas mo ring iniisip kung paano tuturuan ng leksiyon ang kabilang panig, para malaman niya kung gaano ka kamakapangyarihan. Kapag lumilitaw ang gayong mga kaisipan, at kapag paulit-ulit na naglalaro sa isipan mo ang mga naiisip mong eksena, hindi masukat ang panggugulo at mga kahihinatnan ng mga ito sa iyo. Sa sandaling masadlak ka sa kalagayan ng pagbabangayan at pambabatikos sa isa't isa, ano ang mga kahihinatnan? Madali bang tumahimik sa harap ng Diyos kapag nagkagayon? Hindi ba't naaantala nito ang buhay pagpasok mo? (Oo.) Ito ang epekto sa isang tao ng pagpili sa maling paraan ng pangangasiwa sa mga usapin. Kung pipiliin mo ang tamang landas, kapag may nagsalita sa paraang nakakapinsala sa iyong imahe o pagpapahalaga sa sarili, o nakaiinsulto sa iyong integridad at dignidad, maaari mong piliing maging mapagparaya. Hindi ka makikipagtalo sa kanila gamit ang anumang uri ng wika o hindi mo sadyang pangangatwiranan ang iyong sarili at pabubulaanan at babatikusin ang kabilang panig, na magbubunga ng pagkamuhi sa sarili mo. Ano ang diwa at kahalagahan ng pagiging mapagparaya? Sinasabi mo, "Ang ilan sa mga bagay na sinabi niya ay hindi umaayon sa mga katunayan, pero ganoon naman ang lahat bago nila naunawaan ang katotohanan at makamit ang kaligtasan, at ganito rin ako dati. Ngayong nauunawaan ko na ang katotohanan, hindi ko na tinatahak ang landas ng mga walang pananampalataya na pakikipagtalo tungkol sa tama at mali o pakikilahok sa pilosopiya ng pakikipag-away—pinipili ko ang pagpaparaya at pagtrato sa iba nang may pagmamahal. Ang ilan sa mga bagay na sinabi niya ay hindi umaayon sa mga katunayan, pero hindi ko binibigyang-pansin ang mga ito. Tinatanggap ko kung ano ang kaya kong kilalanin at arukin. Tinatanggap ko ito mula sa Diyos at dinadala ito sa harap ng Diyos sa panalangin, hinihiling sa Kanya na magtakda ng mga sitwasyong magbubunyag

sa aking mga tiwaling disposisyon, na tinutulutan akong malaman ang diwa ng mga tiwaling disposisyong ito at magkaroon ng pagkakataong magsimulang lutasin ang mga isyung ito, unti-unting malampasan ang mga ito, at makapasok sa katotohanang realidad. Tungkol sa kung sino ang nanakit sa akin gamit ang mga salita niya at kung tama man o hindi ang mga bagay na sinasabi niya, o kung ano ang mga intensiyon niya, sa isang banda, kinikilatis ko ito, at sa kabilang banda, tinitiis ko ang mga ito." Kung ang taong ito ay isang taong tumatanggap sa katotohanan, maaari kang maupo at taimtim na makipagbahaginan sa kanya nang mapayapa. Kung hindi, kung isa siyang masamang tao, huwag mo siyang bigyang-pansin. Hintayin mong makagampan siya hanggang sa isang partikular na antas, at nakikilatis na siya ng lahat ng kapatid, at gayon ka na rin, at malapit na siyang paalisin at pangasiwaan ng mga lider at manggagawa—iyon na ang oras kung kailan haharapin siya ng Diyos, at siyempre, matutuwa ka rin. Gayumpaman, ang landas na dapat mong piliin ay hindi talaga ang makipagbangayan sa masasamang tao o makipagtalo sa kanila at subukang pangatwiranan ang sarili mo. Sa halip, ito ay ang magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo sa tuwing may nangyayari. Ito man ay pakikitungo sa mga taong nakapanakit sa iyo o sa mga hindi pa nanakit sa iyo at kapaki-pakinabang sa iyo, pare-pareho dapat ang mga prinsipyo ng pagsasagawa. Kapag pinili mo ang landas na ito, magkakaroon ba ng anumang pagkamuhi sa puso mo? Maaaring magkaroon ng kaunting pagkabagabag. Sino ba ang hindi mababagabag kapag nasaktan ang dignidad nila? Kung may magsasabing hindi siya nababagabag, kasinungalingan iyon, mapanlinlang iyon, pero kaya mong tiisin at pagdusahan ang paghihirap na ito alang-alang sa pagsasagawa ng katotohanan. Kapag pinili mo ang landas na ito, magkakaroon ka ng malinis na konsensiya kapag humarap kang muli sa Diyos. Bakit magiging malinis ang konsensiya mo? Dahil magiging malinaw sa iyo na hindi nagmumula sa pagkamainitin ng ulo ang mga salita mo, na hindi ka nakikipag-alitan sa iba hanggang sa mamula ang mukha mo para lang sa mga makasarili mong pagnanais, at na, batay sa pundasyon ng pagkaarok sa katotohanan, sinusunod mo sa halip ang daan ng Diyos at tinatahak ang sarili mong landas. Magiging ganap na malinaw sa puso mo na ang landas na pinili mo ay pinapatnubayan ng Diyos, hinihingi ng Diyos, kaya naman makakaramdam ka ng labis na kapayapaan sa kalooban mo. Kapag may gayon kang kapayapaan, mababagabag ka ba ng pagkamuhi at ng mga personal na sama ng loob sa pagitan mo at ng ibang mga tao? (Hindi.) Kapag tunay kang bumitiw at kusang-loob mong pinili ang positibong landas, matatahimik at mapapayapa ang puso mo. Hindi ka na mababagabag ng sama ng loob, pagkamuhi, at ng mentalidad at mga pakana ng paghihiganti na nabubuo mula sa pagkamuhing iyon, kasama pa ang ibang bagay na mula sa pagkamainitin ng ulo. Magdadala sa iyo ng kapayapaan at tahimik na puso ang landas na pinili mo, at hindi ka na mababagabag ng mga bagay na iyon na dulot ng pagkamainitin ng ulo. Kapag hindi ka na mababagabag ng mga ito, mag-iisip ka pa rin ba ng mga paraan para batikusin ang mga nakasakit sa iyo gamit ang mga salita nila o makipagbangayan pa sa kanila? Hindi na. Siyempre, paminsan-minsan ay

lilitaw ang iyong pagkamainitin ng ulo, pagkapadalos-dalos, at sama ng loob dahil sa mababa mong tayog o dahil sa ilang natatanging konteksto. Gayumpaman, ang iyong determinasyon, kapasyahan, at kalooban na isagawa ang katotohanan ang pipigil sa mga bagay na ito na makaligalig sa puso mo. Ibig sabihin, hindi ka mababagabag ng mga bagay na ito. Maaaring sumiklab pa rin ang pagkamainitin ng ulo mo, tulad ng pag-iisip, “Palagi niya akong pinapahirapan. Dapat ko siyang pagsabihan balang araw, at tanungin kung bakit palagi niya akong pinupuntirya at pinapahirapan. Dapat ko siyang tanungin kung bakit palagi niya akong minamaliit at iniinsulto.” Maaaring minsan ay magkaroon ka ng ganitong mga uri ng mga kaisipan. Gayumpaman, pagkatapos ng higit pang pag-iisip-isip, mapagtatanto mo na mali ang mga ito, at na hindi magiging kalugod-lugod sa Diyos ang pagkilos sa ganoong paraan. Kapag lumitaw ang gayong mga kaisipan, mabilis kang babalik sa harap ng Diyos para ituwid ang kalagayang ito, kaya hindi ka mapapangibabawan ng mga maling kaisipang ito. Dahil dito, magsisimulang lumitaw sa kalooban mo ang ilang positibong bagay—tulad ng pagkilala sa sarili, gayundin ang kaunting kaliwanagan at pagtanglaw na ibinibigay ng Diyos sa iyo, na magbibigay-kakayahan sa iyo na makilatis ang mga tao at maunawaan nang malinaw ang mga usapin—at nang hindi mo namamalayan, dahil sa mga positibong bagay na ito, mauunawaan at mapapasok mo ang higit pa sa katotohanang realidad. Sa puntong ito, ang paglaban mo, ibig sabihin, ang mga “antibody” na nagtataboy sa pagkamuhi, mga makasariling pagnanais, at pagkamainitin ng ulo, ay mas lalakas nang lalakas, at lalong tataas nang tataas ang tayog mo. Hindi ka na makokontrol ng mga bagay na dulot ng pagkamainitin ng ulo. Kahit paminsan-minsan ay maaaring magkaroon ka ng ilang maling kaisipan, ideya, at bugso ng damdamin, mabilis na mawawala ang mga bagay na ito, masusugpo at mapupuksa ng paglaban at tayog mo ang mga ito. Sa oras na ito, ang mga positibong bagay, ang realidad ng katotohanan, at ang mga salita ng Diyos ang mangingibabaw sa loob mo. Kapag nangingibabaw ang mga positibong bagay na ito, hindi ka na maiimpluwensiyahan ng mga panlabas na tao, pangyayari, at bagay-bagay. Lalago ang tayog mo, magiging mas normal ang kalagayan mo, at hindi ka na mamumuhay sa mga tiwaling disposisyon at uusad sa direksiyon ng isang malupit na siklo, at sa ganitong paraan, patuloy na lalago ang tayog mo.

Kapag nasa iglesia ka o kasama mo ang isang grupo ng mga tao, nakakabuti kung kaya mong piliin na maging mapagparaya at mapagpasensiya at piliin ang tamang landas ng pagsasagawa kapag nakakaranas ka ng mga personal na pambabatikos na nakakapinsala sa dignidad at integridad mo. Maaaring hindi mo makita ang pakinabang na ito, pero kapag naranasan mo ang ganitong uri ng pangyayari, hindi mamamalayang matutuklasan mo na ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao at ang landas na ibinibigay Niya sa kanila ay isang maliwanag na landas at isang tunay at buhay na daan, na binibigyang-kakayahan ng mga ito ang mga tao na makamit ang katotohanan at maging kapaki-pakinabang sa mga tao, at na ang mga ito ang pinakamakabuluhang landas. Kapag kasama mo ang isang grupo ng mga tao, lalo na kapag nasa buhay iglesia ka,

kaya mong mapagtagumpayan ang iba't ibang tukso at pang-aakit. Kapag mapaminsala kang binabatikos at sinasaktan ng isang tao o kapag sadya niyang hinahangad na maghiganti at magbulalas ng pagkamuhi niya sa iyo, napakahalaga na magawa mong harapin ito at magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Dahil namumuhi ang Diyos sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao, sinasabi Niya sa mga tao na huwag harapin ang mga bagay-bagay na nararanasan nila nang may pagkamainitin ang ulo, kundi ay tumahimik sa harap ng Diyos at hanapin ang katotohanan at ang mga layunin ng Diyos, at pagkatapos ay unawain kung ano ang tunay na mga hinihingi ng Diyos sa mga tao. Limitado ang pagpapasensiya ng tao, pero sa sandaling nauunawaan na ng isang tao ang katotohanan, magkakaroon ng mga prinsipyo sa pagpapasensiya niya, at maaari itong maging udyok at tulong sa taong iyon na maisagawa ang katotohanan. Gayumpaman, kung ang isang tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan, mahilig makipagtalo tungkol sa tama at mali at mambatikos ng iba, at may tendensiyang mamuhay sa pagkamainitin ng ulo niya, kapag binatikos siya, malamang ay masasangkot siya sa mga pagbabangayan at pambabatikos sa isa't isa. Nagdudulot ito ng pinsala sa lahat ng sangkot, walang idinudulot na pagpapatibay o pagtulong sa kahit sino. Sa tuwing nambabatikos at nakikipagbangayan ang sinuman sa isa't isa, hapong-hapo siya pagkatapos, pagod na pagod, at nasasaktan ang parehong panig; wala talaga silang natatamong anumang katotohanan, at sa huli ay wala silang anumang nakakamit. Ang natitira lang ay tanging pagkamuhi at ang intensiyong maghiganti kapag nagkaroon sila ng pagkakataon. Sa huli, ito ang mapaminsalang kalalabasan na hatid sa mga tao ng mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa.

Tungkol sa paksa ng mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa na kakatapos lang nating pagbahaginan, nauunawaan na ba ninyo ngayon ang mga prinsipyo ng pagkilatis? Kaya na ba ninyong maipagkaiba kung anong mga sitwasyon ang maituturing na mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa? Ang mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa ay madalas na nangyayari sa mga grupo ng mga tao at maaaring madalas na maobserbahan ang mga ito. Ang mga pambabatikos sa isa't isa ay pangunahing kinabibilangan ng sadyang pagpuntirya sa mga isyu ng isang tao para personal siyang batikusin, husgahan, kondenahin, at isumpa pa nga, nang may pakay na maghiganti, bumawi, magbulalas ng personal na galit, at iba pa. Ano't anuman, ang mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa ay hindi tungkol sa pagbabahaginan sa katotohanan, ni hindi rin tungkol sa pagsasagawa sa katotohanan ang mga ito, at tiyak na hindi pagpapamalas ang mga ito ng matiwasay na pagtutulungan. Sa halip, ang mga ito ay pagpapamalas ng paghihiganti at pag-atake sa mga tao bunga ng pagkamainitin ng ulo at ng tiwaling disposisyon ni Satanas. Ang layon ng mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa ay tiyak na hindi para malinaw na mapagbahaginan ang katotohanan, lalong hindi para mangatwiran upang maunawaan ang katotohanan. Sa halip, ang layon ay para matugunan ang sariling mga tiwaling disposisyon, ambisyon, makasariling pagnanais, at kagustuhan ng laman ng isang tao. Malinaw na ang mga

pambabatikos sa isa't isa ay hindi tungkol sa pagbabahaginan sa katotohanan, at tiyak na ang mga ito ay hindi tungkol sa pagtulong o pagtrato sa mga tao nang may pagmamahal; sa halip, ang mga ito ay isa sa mga estratehiya at pamamaraan ni Satanas para pahirapan, paglaruan, at lokohin ang mga tao. Ang mga tao ay namumuhay sa loob ng mga tiwaling disposisyon at hindi nakakaunawa sa katotohanan. Kung hindi nila pipiliin na isagawa ang katotohanan, napakadali nilang mahuhulog sa gayong mga bitag at tukso at mapapasabak sa laban ng mga pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa. Nagtatalo sila hanggang mamula ang mukha nila at hindi man lang natatapos ang pagtatalo nila kailanman, lahat ng ito ay dahil sa isang salita, parirala, o tingin, ilang taon silang nag-aaway para higitan ang isa't isa, hanggang sa humantong sa pagkatalo nilang pareho, dahil lang sa iisang bagay. Sa sandaling magkita sila, nagtatalo sila nang walang katapusan, at binabatikos, sinusumpa, at kinokondena pa nga ng ilan ang isa't isa sa mga chat group sa kompyuter. Napakatindi na ng pagkamuhing ito! Hindi pa sapat ang murahan nila sa mga pagtitipon, hindi pa naibsan ang pagkamuhi nila, hindi pa nila nakamit ang mga layon nila, at pagkauwi nila, habang mas iniisip nila ito, lalo silang nagagalit, at doon ay patuloy nilang isinusumpa ang isa't isa. Anong uri ng espiritu ito? Karapat-dapat ba itong iangat, karapat-dapat ba itong isulong? (Hindi.) Anong uri ito ng "matapang na espiritu"? Isa itong espiritu ng pagiging walang kinatatakutan, isa itong espiritu ng pagiging kawalang-batas, kinahinatnan ito ng pagtiwali ni Satanas sa tao. Siyempre, ang gayong mga pag-uugali at kilos ay nagdudulot ng malalaking kaguluhan at kawalan sa buhay pagpasok ng mga indibidwal na ito, at nagdudulot din ang mga ito ng mga kaguluhan at pagkagambala sa buhay iglesia. Samakatwid, kapag nahaharap sa ganitong mga sitwasyon, kung makikita ng mga lider at manggagawa na nambabatikos at nagbabangayan sa isa't isa ang dalawang tao, at sumusumpa ang mga ito na mag-aaway hanggang sa huli, dapat nilang alisin kaagad ang mga ito, at hindi nila dapat kunsintihin ang mga ito at lalong hindi nila dapat bigyang-layaw ang mga ito. Dapat nilang protektahan ang ibang mga kapatid at panatilihin ang normal na buhay iglesia, tinitiyak na nagkakamit ng mga resulta ang bawat pagtitipon, at hindi hayaang okupahin ng gayong mga indibidwal ang oras ng mga kapatid na para sana sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pagbabahaginan sa katotohanan, na nakagugulo sa normal na buhay iglesia. Kung matutuklasan sa mga pagtitipon na nambabatikos at nagbabangayan ang mga indibidwal na ito sa isa't isa, dapat agaran itong mapatigil at malutas. Kung hindi ito malilimitahan, dapat na ilantad at himayin kaagad ang mga taong ito sa pamamagitan ng isang pagtitipon, at dapat silang alisin. Ang iglesia ay isang lugar para sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, para sa pagsamba sa Diyos; hindi ito isang lugar para sa pambabatikos sa isa't isa o pagbabangayan para magbulalas ng personal na galit. Ang sinumang madalas na nanggugulo sa buhay iglesia, na nakakaapekto sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, ay dapat na alisin. Hindi bukas ang pintuan ng iglesia sa gayong mga tao, hindi nito tinutulutan ang mga panggugulo mula sa mga diyablo o ang presensiya ng masasamang tao—alisin ang mga taong ito, at malulutas ang problema.

Sa iglesia, kung matutuklasan na nambabatikos at nagbabangayan sa isa't isa ang ilang tao, anuman ang mga palusot at dahilan nila, at anuman ang paksa ng talakayan nila—ito man ay isang bagay na may pakialam ang lahat o wala—basta't nagdudulot ito ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, dapat agarang lutasin ang isyung ito at nang walang pag-aatubili. Kung hindi posibleng pigilan o limitahan iyong mga nasasangkot, dapat silang alisin. Ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa kapag nahaharap sa gayong mga sitwasyon. Ang pangunahing prinsipyo ay hindi ang hikayatin mo ang masamang pag-uugali ng mga taong ito sa pamamagitan ng pagkunsinti o pagbibigay-layaw sa kanila, ni hindi rin ang kumilos ka bilang isang "matuwid na opisyal" na humahatol sa kung ano ang tama at mali para sa mga taong ito, kumikilatis kung sino ang wasto at ang hindi wasto, kung sino ang tama at ang hindi tama, malinaw na tinutukoy kung sino ang tama sa kung sino ang mali, at pagkatapos ay binibigyan ng pantay na kaparusahan ang magkabilang panig, o kaya ay pinaparusahan ang isang panig na sa tingin mo ay maysala at ginagantimpalaan naman ang kabilang panig—hindi ito ang paraan para malutas ang problema. Sa pangangasiwa sa usaping ito, hindi mo dapat ito sukatin kumpara sa batas, lalong hindi mo ito dapat sukatin at husgahan kumpara sa mga pamantayan ng moralidad, kundi sa halip ay dapat mo itong sukatin at husgahan nang ayon sa mga prinsipyo ng gawain sa iglesia. Tungkol sa magkabilang panig na sangkot sa pambabatikos sa isa't isa, basta't nagdudulot sila ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, dapat tanggapin ng mga lider at manggagawa ng iglesia na obligasyon nilang pigilan at limitahan ang mga ito, o ibukod o paalisin ang mga ito, sa halip na pakinggan nang maigi ang paglalahad ng magkabilang panig tungkol sa nangyari at ang pagtatalakay ng bawat dahilan at palusot ng mga ito, at ang intensiyon, layon, at ugat na sanhi ng pambabatikos sa kabilang panig at pakikipagbangayan ng mga ito—hindi nila kailangang unawain ang buong kuwento, sa halip, dapat nilang lutasin ang problema, alisin ang mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia, at pangasiwaan iyong mga nagdulot ng mga ito. Ipagpalagay nang paimbabaw lang na inaayos ng mga lider at manggagawa ang mga bagay-bagay at humaharap sila nang "walang pinapanigan," ipinagkakasundo ang magkabilang panig na nambatikos sa isa't isa, tinutulutan silang walang habas na magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia nang hindi namamagitan o nang hindi ito pinapangasiwaan—patuloy nilang binibigyang-layaw ang mga taong ito. Hinihimok at pinapayuhan lang nila ang mga ito sa bawat pagkakataon, at hindi nila magawang masinsinang lutasin ang problema. Pabaya sa mga responsabilidad nila ang gayong mga lider at manggagawa. Kung lilitaw sa iglesia ang problema ng mga pambabatikos at pagbabangayan ng mga tao sa isa't isa, na nagdudulot ng malulubhang kaguluhan at pinsala sa buhay iglesia, kaya umuusbong ang sama ng loob at pagkasuklam ng karamihan ng tao, dapat mabilis na kumilos ang mga lider at manggagawa, ibinubukod o pinapaalis ang parehong panig ayon sa mga pagsasaayos ng gawain at sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos sa pag-aalis mula sa iglesia. Hindi sila dapat kumilos

bilang “matutuwid na opisyal” na humahatol sa kaso ng mga sangkot at gumagawa ng mga paghusga tungkol sa mga personal na pagtatalong ito, hindi sila dapat makinig nang mabuti sa mga taong ito na naglilitanya ng mga bulok, mahaba at paliko-likong kalokohan para makita kung sino ang tama at sino ang mali, kung sino ang wasto at sino ang hindi wasto, at pagkatapos husgahan ang mga bagay na ito, manghikayat ng mas maraming tao para magtalakayan at magbahaginan tungkol sa mga bagay na ito, na nagiging dahilan para mas maraming tao ang magkimkim ng pagkasuklam at pagkapoot sa puso nila. Aaksayahin nito ang oras na dapat sana ay ginagamit ng mga tao para sa pagkain, pag-inom, at pagbabahaginan ng mga salita ng Diyos. Mas higit pang pagpapabaya ito sa responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi wasto ang ganitong prinsipyo ng pagsasagawa. Kung magsisisi balang araw ang mga panig na nalimitahan, at hindi na nila gagamitin ang oras ng pagtitipon para sa mga pambabatikos at pagbabangayan nila sa isa’t isa, maaari nang tapusin ang pambubukod na ipinataw sa kanila. Kung napaalis sila bilang masasamang tao, at ipinahayag ng isang tao na nagbago at mas mabuti na siya, kailangang makita kung nagpapakita siya ng mga aktuwal na pagpapamalas ng pagsisisi, at kailangan ding konsultahin ang opinyon ng nakararami tungkol sa usapin. Kahit na tanggapin siyang muli, dapat mahigpit siyang bantayan, at dapat mahigpit na limitahan ang oras niya sa pagsasalita, at kalaunan, dapat siyang pangasiwaan nang naaangkop batay sa mga pagpapamalas niya. Ang mga ito ang mga prinsipyong dapat unawain at bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa ng iglesia. Siyempre, ang pangangasiwa sa usaping ito ay hindi puwedeng ibatay sa mga subhetibong palagay; dapat na may kalikasan ng pagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa mga pambabatikos sa isa’t isa ng parehong panig. Ang mga tao ay hindi dapat pagbawalang magsalita at hindi dapat ibukod dahil lang may panandaliang nasabi ang isa sa kanila na nakasakit sa kabilang panig, at gumanti naman ang kabilang panig gamit ang sarili niyang komento. Ang pangangasiwa sa mga tao sa ganoong paraan ay hindi talaga naaayon sa mga prinsipyo! Dapat maarok nang wasto ng mga lider at manggagawa ang mga prinsipyo, tinitiyak na sumasang-ayon ang nakararami na naaayon sa mga prinsipyo ang mga ikinikilos nila, sa halip na mag-amok habang gumagawa ng masasamang bagay o pinapalaki nang husto ang kalubhaan ng isyu. Pagdating sa aspektong ito ng gawain, sa isang banda, dapat matutong kumilatis ang nakararami sa kung ano ang maituturing na pambabatikos, at sa kabilang banda, kailangan ding malaman ng mga lider at manggagawa ng iglesia ang mga prinsipyo na dapat maarok at ang mga responsabilidad na dapat matupad sa paggampan sa gawaing ito.

4. Mga Basta-Bastang Pagkondena sa mga Tao

May isa pang pagpapamalas ng mga pambabatikos sa isa’t isa. Alam ng ilang tao ang ilang espirituwal na termino, at palagi silang gumagamit ng ilan sa mga ito sa pananalita nila, tulad ng “diyablo,” “Satanas,” “hindi pagsasagawa sa katotohanan,”

“hindi pagmamahal sa katotohanan,” “Pariseo,” at iba pa—ginagamit nila ang mga terminong ito para basta-bastang husgahan ang ilang tao. Hindi ba’t may kaunting kalikasan ito ng pambabatikos? Noon, may isang taong gustong murahin ang sinumang hindi kumilos ayon sa mga kahilingan niya nang makisalamuha siya sa mga kapatid. Pero naisip niya sa sarili niya: “Ngayong nananampalataya na ako sa diyos, tila hindi disente ang pagmumura sa mga tao. Pinagmumukha ako nitong hindi umaasal na tulad ng isang banal. Hindi ako puwedeng magmura o gumamit ng masamang wika, pero kung hindi ako magmumura, hindi ako mapapakali, hindi ko maiibsan ang pagkamuhi ko—palagi kong gugustuhing murahin ang mga tao. Kung gayon, paano ko sila dapat murahin?” Kaya nag-imbento siya ng bagong termino. Ang sinumang makapagpasama ng loob niya, makasakit sa kanya dahil sa mga kilos nito, o hindi makikinig sa kanya, ay minumura niya nang ganito: “Masamang diyablo!” “Isa kang masamang diyablo!” “Si ganito at ganyan ay isang masamang diyablo!” Idinagdag niya ang “masama” bago ang salitang “diyablo”—hindi Ko pa talaga narinig ang sinuman na gumamit ng pariralang ito dati. Hindi ba’t bagong-bago ito? Kaswal niyang minumura ang mga kapatid bilang “masasamang diyablo”—sino naman ang magiging komportable pagkarinig niyon? Halimbawa, kung hiniling niya sa isang kapatid na bigyan siya ng isang basong tubig, pero masyadong abala ang kapatid na iyon kaya sinabihan siya nitong siya na lang ang gumawa nito, mumurahin niya ito: “Masamang diyablo ka!” Kung nakabalik na siya mula sa isang pagtitipon at nakita niyang hindi pa inihanda ang pagkain niya, magagalit siya: “Masasamang diyablo kayo, napakatamad ninyong lahat. Lumalabas ako para gampanan ang tungkulin ko, at wala man lang nakahandang pagkain para sa akin pagkabalik ko!” Ang sinumang makasalamuha niya ay posibleng mamura bilang isang “masamang diyablo.” Anong uri ng tao ito? (Isang masamang tao.) Paano siya naging masama? Sa mata niya, ang sinumang nakakapagpasama ng loob niya o hindi umaayon sa mga kahilingan niya ay isang masamang diyablo—Siya mismo ay hindi, pero ang lahat ng iba ay masasamang diyablo. May anumang batayan ba siya sa pagsasabi nito? Wala talaga; basta-basta lang siyang pumili ng salitang gagamitin para murahin ang mga tao na magtutulot sa kanya na maibsan ang pagkamuhi niya at maibulalas ang mga emosyon niya. Naniniwala siya na kung talagang mumurahin niya ang isang tao, sasabihin ng iba na tila hindi siya isang mananampalataya sa Diyos, pero iniisip niya na kung tatawagin niya ang isang tao na isang diyablo, hindi iyon pagmumura, at dapat na magmukhang makatwiran ito para sa iba, tinutugunan ang sarili niyang mga pagnanais habang hindi hinahayaan ang iba na makakita ng kamalian sa kanya. Ang lalaking ito ay napakatuso at napakasama, ginagamit niya ang pinakamapaminsalang wika, isang uri ng wika na hindi malalabanan ng mga tao, para gantihan at kondenahin sila, pero hindi siya maakusahan ng mga tao ng pagmumura o pagsasalita nang hindi makatwiran. Kapag nahaharap sa gayong tao, iiwasan ba siya, o lalapitan ba siya ng karamihan ng tao? (Iiwasan nila siya.) Bakit? Hindi nila siya puwedeng galitin, kaya ang puwede lang nilang gawin ay iwasan siya; ito ang gagawin ng matatalinong tao.

Ang ganitong pangyayari kung saan ang isang tao ay basta-bastang kinokondena, binabansagan, at pinapahirapan ay madalas na nangyayari sa bawat iglesia. Halimbawa, may ilang tao na nagkikimkim ng pagkiling laban sa isang partikular na lider o manggagawa, at para makaganti, nagkokomento sila tungkol dito habang nakatalikod ito, inilalantad at hinihimay ito habang nagkukunwaring nakikipagbahaginan sila tungkol sa katotohanan. Mali ang intensyon at mga layon sa likod ng gayong mga kilos. Kung tunay na nakikipagbahaginan ang isang tao tungkol sa katotohanan para magpatotoo sa Diyos at para makinabang ang iba, dapat siyang makipagbahaginan tungkol sa sarili niyang mga totoong karanasan, at magbigay ng pakinabang sa iba sa pamamagitan ng paghihimay at pagkilala sa sarili niya. Ang gayong pagsasagawa ay nagbubunga ng mas magagandang resulta, at sasang-ayunan ito ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung ang pakikipagbahaginan ng isang tao ay naglalantad, bumabatikos, at nanghahamak sa ibang tao para saktan o gantihan ito, mali ang intensyon ng pakikipagbahaginan, ito ay hindi makatarungan, kinapopootan ng Diyos, at hindi nakakapagpatibay sa mga kapatid. Kung ang intensyon ng isang tao ay ang kondenahin ang iba o pahirapan ang mga ito, isa siyang masamang tao at gumagawa siya ng masama. Ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat na may pagkilatis sa masasamang tao. Kung sadyang inaatake, inilalantad, o minamaliit ng isang tao ang mga tao, dapat siyang tulungan nang may pagmamahal, dapat makipagbahaginan sa kanya at himayin siya, o pungusan siya. Kung hindi niya matanggap ang katotohanan at matigas siyang tumatangging baguhin ang mga gawi niya, ganap na iba nang usapin ito. Pagdating sa masasamang tao na madalas na basta-bastang kinokondena, binabansagan at pinapahirapan ang iba, dapat silang ilantad nang lubusan, para matutuhan ng lahat na makilatis sila, at pagkatapos, dapat silang pigilan o patalsikin sa iglesia. Mahalaga ito, dahil ginugulo ng gayong mga tao ang buhay iglesia at ang gawain ng iglesia, at malamang na ilihis nila ang mga tao at magdulot sila ng kaguluhan sa iglesia. Sa partikular, madalas na binabatikos at kinokondena ng ilang masamang tao ang ibang tao, para lang makamit ang layon nila na makapagpakitang-gilas at tingalain sila ng iba. Ang masasamang taong ito ay madalas na ginagamit ang pagkakataon ng pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan sa mga pagtitipon para di-tuwirang ilantad, himayin, at supilin ang iba. Binibigyang-katwiran pa nga nila ito sa pamamagitan ng pagsasabing ginagawa nila ito para makatulong sa mga tao at para lutasin ang mga problema sa iglesia, at ginagamit nila ang mga palusot na ito bilang panakip para makamit nila ang kanilang mga layon. Sila ang klase ng mga tao na nambabatikos at nagpapahirap sa iba, at malinaw na masasamang tao sila. Lahat ng bumabatikos at kumokondena sa mga taong naghahangad sa katotohanan ay lubhang malupit, at tanging ang mga naglalantad at naghihimay sa masasamang tao para maprotektahan ang gawain ng sambahayan ng Diyos ang may pagpapahalaga sa katarungan at sinasang-ayunan ng Diyos. Ang masasamang tao ay madalas na napakamapanlinlang sa kanilang paggawa ng kasamaan; bihasa silang lahat sa paggamit ng doktrina para bigyang-katwiran ang sarili nila at para makamit ang

layon nila na ilihis ang iba. Kung ang hinirang na mga tao ng Diyos ay walang pagkilatis sa masasamang tao at hindi nila mapigilan ang ganitong mga tao, ang buhay iglesia at ang gawain ng iglesia ay lubhang mawawala sa ayos—o magiging sobrang magulo pa nga. Kapag nakikipagbahaginan ang masasamang tao tungkol sa mga problema at naghihimay ng mga ito, palagi silang may intensiyon at layon, at palagi itong nakatuon sa isang tao. Hindi nila hinihimay o kinikilala ang sarili nila, hindi rin sila nagtatapat at lubos na naghahayag ng sarili nila para lutasin ang sarili nilang mga problema—sa halip, sinusunggaban nila ang pagkakataon para ilantad, himayin, at batikusin ang iba. Madalas nilang sinasamantala ang pagkakataong makipagbahaginan tungkol sa pagkilala nila sa sarili para himayin at kondenahin ang iba, at sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, inilalantad, minamaliit, at sinisiraan nila ang mga tao. Partikular silang nakadarama ng pagkasuklam at pagkamuhi sa mga naghahangad sa katotohanan, sa mga nagdadala ng pasanin para sa gawain ng iglesia, at sa mga madalas na gumagawa ng mga tungkulin ng mga ito. Ang masasamang tao ay gagamit ng iba't ibang katwiran at palusot para sirain ang motibasyon ng mga taong ito at pigilan ang mga itong isagawa ang gawain ng iglesia. Parte ng nararamdaman nila para sa mga ito ay selos at pagkamuhi; ang isa pang parte ay takot, na ang pagtindig para gumawa ng gawain ng mga taong ito, ay magiging banta sa kasikatan at pakinabang at katayuan nila. Kaya balisa silang subukan ang lahat ng posibleng paraan para balaan, supilin, at pigilan ang mga ito, umaabot pa nga sa puntong naghahanap sila ng mga bala para idiin ang mga ito at baluktutin ang mga katunayan para kondenahin ang mga ito. Ganap na ibinubunyag nito na ang disposisyon ng masasamang taong ito ay disposisyong namumuhi sa katotohanan at sa mga positibong bagay. May partikular silang pagkamuhi sa mga taong naghahangad sa katotohanan at nagmamahal sa mga positibong bagay, at sa mga taong totoo, disente, at matuwid. Maaaring hindi nila ito sinasabi, pero ito ang uri ng mentalidad na mayroon sila. Kaya, bakit partikular nilang pinupuntirya ang mga naghahangad sa katotohanan, at ang mga taong disente at matuwid, para ilantad, maliitin, supilin, at ibukod? Malinaw na isa itong pagtatangka sa parte nila na pabagsakin at talunin ang mabubuting tao at ang mga naghahangad sa katotohanan, upang yurakan ang mga ito, para makontrol nila ang iglesia. Hindi naniniwala ang ilang tao na ganito ang nangyayari. Mayroon Akong isang tanong para sa kanila: Kapag nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, bakit hindi inilalantad o hinihimay ng masasamang taong ito ang sarili nila, at sa halip, palagi nilang pinupuntirya at inilalantad ang iba? Maaari nga kayang hindi sila nagbubunyag ng katiwalian, o na wala silang mga tiwaling disposisyon? Tiyak na hindi. Kung gayon, bakit pinipilit nilang puntiryahin ang iba para sa paglalantad at paghihimay? Ano ba ang mismong sinusubukan nilang makamit? Ang tanong na ito ay nangangailangan ng malalim na pagninilay-nilay. Nararapat ang ginagawa ng isang tao kung inilalantad niya ang masasamang gawa ng masasamang tao na nanggugulo sa iglesia. Pero sa halip, inilalantad at pinapahirapan ng mga taong ito ang mabubuting tao, habang nagkukunwaring nakikipagbahaginan sila

tungkol sa katotohanan. Ano ang intensiyon at layon nila? Galit ba sila dahil nakikita nilang inililigtas ng Diyos ang mababuting tao? Iyon ang totoo. Hindi inililigtas ng Diyos ang masasamang tao, kaya namumuhi ang masasamang tao sa Diyos at sa mababuting tao—labis na natural ang lahat ng ito. Hindi tinatanggap o hinahangad ng masasamang tao ang katotohanan; sila mismo ay hindi maliligtas, pero pinapahirapan nila ang mababuting taong naghahangad sa katotohanan at maaaring maligtas. Ano ang problema rito? Kung ang mga tao na ito ay may kaalaman sa sarili nila at sa katotohanan, maaari silang magtapat at makipagbahaginan, pero palagi nilang pinupuntirya at ginagalit ang iba—palagi silang may tendensiyang batikusin ang iba—at lagi nilang itinuturing ang mga naghahangad sa katotohanan bilang mga kaaway nila sa kanilang imahinasyon. Ang mga ito ang mga tanda ng masasamang tao. Ang mga may kakayahang gumawa ng gayong kasamaan ang tunay na mga diyablo at Satanas, ang mga sukdulang anticristo, na dapat pigilan, at kung gumagawa sila ng napakaraming kasamaan, kailangan silang agarang pangasiwaan—patalsikin sila sa iglesia. Lahat ng umaatake at nagbubukod sa mababuting tao ay mga bulok na mansanas. Bakit Ko sila tinatawag na mga bulok na mansanas? Dahil malamang na magdulot sila ng mga hindi kinakailangang alitan at sigalot sa iglesia, na nagiging dahilan para lumala nang lumala ang kalagayan ng mga bagay-bagay roon. Pinupuntirya nila ang isang tao ngayon at iba na naman ang pupuntiryahin nila bukas, at palagi nilang pinupuntirya ang iba, ang mga nagmamahal at naghahangad sa katotohanan. Malamang na makagambala ito sa buhay iglesia at makaapekto sa normal na pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ng hinirang na mga tao ng Diyos, gayundin sa normal na pakikipagbahaginan nila tungkol sa katotohanan. Madalas na sinasamantala ng masasamang taong ito ang pamumuhay ng buhay iglesia para batikusin ang iba sa ngalan ng pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan. May pagkamapanlaban sa lahat ng sinasabi nila; nagsasabi sila ng mga nakakagalit na komento para batikusin at kondenahin ang mga naghahangad sa katotohanan at ang mga gumugugol ng sarili nila para sa Diyos. Ano ang mga kahihinatnan nito? Magagambala at magugulo nito ang buhay ng iglesia, at dahil dito ay mababalisa ang puso ng mga tao at hindi nila magagawang tumahimik sa harap ng Diyos. Sa partikular, ang mga imoral na bagay na sinasabi ng masasamang taong ito para kondenahin, atakihin, at saktan ang iba ay puwedeng magdulot ng paglaban. Hindi ito nakakatulong sa paglutas ng mga problema; sa kabaligtaran, nagdudulot ito ng takot at pagkabalisa sa iglesia at pinapahina nito ang mga relasyon sa pagitan ng mga tao, na nagiging sanhi na magkaroon ng tensiyon at alitan sa pagitan nila. Ang pag-uugali ng mga taong ito ay hindi lang nakakaapekto sa buhay iglesia, nagdudulot din ito ng sigalot sa iglesia. Puwede pa nga itong makaapekto sa gawain ng iglesia sa kabuuan at sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Samakatwid, ang mga lider at manggagawa ay kailangang magbigay ng babala sa ganitong uri ng tao, at kailangan din nilang limitahan at pangasiwaan ang mga ito. Sa isang banda, ang mga kapatid ay kailangang maglagay ng mahihigpit na limitasyon sa masasamang taong ito na madalas na

bumabatikos at kumokondena sa iba. Sa kabilang banda, dapat agarang ilantad at pigilan ng mga lider ng iglesia ang mga basta-bastang umaatake at kumokondena sa iba, at kung hindi sila nagbabago, alisin sila sa iglesia. Ang masasamang tao ay dapat pigilan sa panggugulo sa buhay ng iglesia sa mga pagtitipon, at kasabay nito, ang mga taong magulo ang isip ay kailangang pigilang magsalita sa paraang nakakaapekto sa buhay iglesia. Kung natuklasan ang isang masamang tao na gumagawa ng masama, kailangan siyang ilantad. Hinding-hindi siya dapat pahintulutan na kumilos nang sutil, na gumawa ng masama ayon sa kagustuhan niya. Kinakailangan ito para mapanatili ang normal na buhay iglesia at matiyak na ang hinirang na mga tao ng Diyos ay puwedeng magtipon, kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, at magbahaginan nang normal tungkol sa katotohanan, na magtutulot sa kanila na tuparin ang mga tungkulin nila nang normal. Saka lang maisasakatuparan ang kalooban ng Diyos sa iglesia, at sa ganitong paraan lang makakaunawa sa katotohanan, makakapasok sa realidad, at makakapagtamo ng mga pagpapala ng Diyos ang Kanyang hinirang na mga tao. Natuklasan na ba ninyo ang ganitong mga uri ng masasamang tao sa iglesia? Palagi silang nagkikimkim ng naiinggit na pagkamuhi sa mabubuting tao, at palagi nilang pinupuntirya ang mga ito. Ngayon ay ayaw nila sa isang mabuting tao, bukas ay iba naman ang aayawan nila; kaya nilang punahin ang sinuman at hanapan ito ng napakaraming kamalian, at higit pa rito, tila may batayan talaga at makatwiran ang sinasabi nila, at sa huli ay nagdudulot sila ng matinding pagkagalit ng nakararami, nagiging salot sila sa grupo. Ginugulo nila ang iglesia hanggang sa puntong nagkakagulo-gulo na ang puso ng mga tao, nagiging negatibo at mahina ang maraming tao, wala nang pakinabang o pagpapatibay na nakakamit mula sa mga pagtitipon, at nawawala pa nga ang pagnanais ng ilan na dumalo sa mga pagtitipon. Hindi ba't mga bulok na mansanas ang gayong mga tao? Kung hindi pa nila naabot ang antas na dapat na silang paalisin, dapat silang ibukod o limitahan. Halimbawa, sa panahon ng mga pagtitipon, paupuin sila nang nakahiwalay sa iba para maiwasang maimpluwensiyahan nila ang iba. Kung pilit silang maghahanap ng mga pagkakataon para magsalita at mambatikos ng mga tao, dapat silang limitahan—pagbawalang magsabi ng mga walang kuwentang bagay. Kung magiging imposible na limitahan sila at malapit na silang sumabog o manlaban, dapat silang agarang paalisin. Ibig sabihin, kapag ayaw na nilang malimitahan, at sinabi nila, "Ano ang batayan ng paglilimita mo sa pananalita ko? Bakit puwedeng magsalita ang iba sa loob ng limang minuto, samantalang may isang minuto lang ako?"—kapag palagi nilang tinatanong ang ganitong mga katanungan, ibig sabihin ay manlalaban sila. Kapag malapit na silang manlaban, hindi ba't nagiging masuwayin sila? Hindi ba't sinusubukan nilang magdulot ng problema, na manligalig? Hindi ba't malapit na nilang guluhin ang buhay iglesia? Malapit na nilang ibunyag kung sino talaga sila; oras na para pangasiwaan sila—dapat silang alisin kaagad. Makatwiran ba ito? Oo, makatwiran nga ito. Talagang hindi madali na tiyakin na makakapamuhay ng normal na buhay iglesia ang karamihan, nang may kung ano-anong masasamang tao, masasamang espiritu, maruruming

demonyo, at “mga espesyal na talento” na naghahangad na sirain ang mga bagay-bagay. Maaatim ba nating hindi sila limitahan? Ang ilang “mga espesyal na talento” ay nagsisimulang maliitin at batikusin ang iba sa sandaling ibuka nila ang bibig nila—kung nakasuot ka ng salamin o kung manipis ang buhok mo, babatikusin ka nila; kung ibinabahagi mo ang iyong patotoong batay sa karanasan sa panahon ng mga pagtitipon o kung aktibo at responsable ka sa paggampan ng mga tungkulin mo, babatikusin at huhusgahan ka nila; kung may pananalig ka sa Diyos sa panahon ng mga pagsubok, kung mahina ka, o kung mapagtatagumpayan mo ang mga paghihirap sa pamilya gamit ang pananalig mo nang hindi nagrereklamo tungkol sa Diyos, babatikusin ka nila. Ano ang ibig sabihin dito ng pambabatikos? Ibig sabihin, anuman ang gawin ng iba, hindi ito kailanman ikinasisiya ng mga taong ito; palagi nila itong hindi gusto, palagi silang naghahanap ng mga kamaliang hindi naman umiiral, palagi nilang hinahangad na akusahan ang ibang mga tao ng kung ano-ano, at sa tingin nila ay wala nang ginawang tama ang ibang mga tao. Kahit na makipagbahaginan ka tungkol sa katotohanan at tugunan mo ang mga isyu ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, mambubusisi at mamumuna sila, naghahanap ng kamalian sa lahat ng ginagawa mo. Sadya silang nagdudulot ng problema, at pinupuntirya nila ang lahat sa mga pambabatikos nila. Sa tuwing nagpapakita sa iglesia ang ganitong tao, dapat mo siyang pangasiwaan; kung dalawa sa ganitong tao ang magpapakita, dapat pareho mo silang pangasiwaan. Ito ay dahil malaki ang pinsalang idinudulot nila sa buhay iglesia, nagdudulot sila ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia, at malubha ang mga kahihinatnan nito.

B. Ang mga Katangian ng Pagkatao ng mga Taong Madalas na Nambabatikos sa Iba

Ngayon, pinagbahaginan natin ang iba’t ibang aspekto na may kinalaman sa isyu ng pambabatikos at pagbabangayan sa isa’t isa. Naarok ba ninyo ang kalikasan ng mga pagpapamalas na ipinakita ng iba’t ibang uri ng mga indibidwal na nabanggit sa mga aspektong ito? Magsimula tayo sa mga mahilig mambatikos sa iba—taglay ba nila ang katwiran ng normal na pagkatao? (Hindi.) Ano ang mga pagpapamalas ng kawalan ng katwiran nila? Ano ang kanilang mga saloobin at prinsipyo sa mga tao, pangyayari, at bagay? Sa pakikitungo sa iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay, ano ang mga pamamaraan at saloobin na kanilang pinipili? Halimbawa, ang kanilang hilig sa pakikipagtalo tungkol sa tama at mali, hindi ba’t isa itong uri ng saloobin na pinanghahawakan nila sa mga tao, pangyayari, at bagay? (Oo.) Ang pagkahilig ng mga tao na pagtalunan ang tama at mali ay nangangahulugang sinusubukan nilang linawin kung tama ba o mali ang bawat isang bagay, hindi sila tumitigil hangga’t hindi nalilinaw ang usapin at naunawaan kung sino ang tama at kung sino ang mali, nakapako sila sa mga bagay na wala namang kabuluhan. Ano ba talaga ang silbi ng pagkilos nang ganito? Tama ba talagang pagtalunan ang tama at mali? (Hindi.) Nasaan ang pagkakamali? May koneksiyon ba sa pagitan nito at ng

pagsasagawa ng katotohanan? (Walang koneksiyon.) Bakit mo nasasabing walang koneksiyon? Ang pagtatalo sa tama at mali ay hindi pagsunod sa mga katotohanang prinsipyo, hindi ito pagtalakay o pagbabahagi ng mga katotohanang prinsipyo; sa halip, laging pinag-uusapan ng mga tao kung sino ang tama at kung sino ang mali, kung sino ang nakagawa ng tama at kung sino ang nagkamali, kung sino ang nasa katwiran at kung sino ang hindi, kung sino ang may matinong katwiran, at kung sino ang wala, kung sino ang nagpahayag ng mas mataas na doktrina; ito ang sinusuri nila. Kapag sinusubok ng Diyos ang mga tao, lagi nilang sinusubukang makipagtalo sa Diyos, lagi silang nakakaisip ng ipapalusot. Tinatalakay ba ng Diyos ang gayong mga bagay sa iyo? Tinatanong ba ng Diyos kung ano ang konteksto? Tinatanong ba ng Diyos ang mga rason at dahilan mo? Hindi Niya itinatanong. Tinatanong ng Diyos kung may saloobin ka ng pagpapasakop o paglaban kapag sinusubok ka Niya. Tinatanong ng Diyos kung nauunawaan mo ba o hindi ang katotohanan, kung mapagpasakop ka ba o hindi. Ito lamang ang itinatanong ng Diyos, at wala nang iba. Hindi itinatanong sa iyo ng Diyos kung ano ang dahilan ng kawalan mo ng pagpapasakop, hindi Niya tinitingnan kung may maganda ka bang rason—talagang hindi Niya isinasaalang-alang ang gayong mga bagay. Tinitingnan lang ng Diyos kung naging mapagpasakop ka ba o hindi. Kahit ano pa ang kapaligirang tinitirhan mo at kung ano ang konteksto, ang masusing sinisiyasat lang ng Diyos ay kung may pagpapasakop ba sa iyong puso, kung mayroon ka bang saloobin ng pagpapasakop. Hindi nakikipagdebate sa iyo ang Diyos sa kung ano ang tama at mali; walang pakialam ang Diyos sa kung ano ang mga rason mo. Ang mahalaga lamang sa Diyos ay kung tunay kang mapagpasakop—ito lamang ang hinihingi sa iyo ng Diyos. Hindi ba't isa itong katotohanang prinsipyo? Ang uri ng mga taong mahilig makipagtalo sa kung ano ang tama at mali, na gustong-gustong nakikipagbangayan—may mga katotohanang prinsipyo ba sa kanilang puso? (Wala.) Bakit wala? Kahit kailan ba ay pinagtuunan nila ng pansin ang mga katotohanang prinsipyo? Kahit kailan ba ay hinangad nila ang mga ito? Hinanap man lang ba nila ang mga ito? Hindi nila kailanman pinagtuunan ng pansin ang mga ito, o hinangad ang mga ito o hinanap ang mga ito, at lubhang wala ang mga ito sa kanilang mga puso. Bunga nito, nakakapamuhay lamang sila sa loob ng mga kuru-kuro ng tao, ang pawang laman ng kanilang mga puso ay tama at mali, matuwid at di-matuwid, mga palusot, mga dahilan, panlilinlang, at mga argumento, at pagkaraan naman nito ay babatikusin, huhusgahan, at kokondenahin nila ang isa't isa. Ang disposisyon ng mga taong kagaya nito ay na gusto nilang pinagdedebatihan ang tama at mali at hinuhusgahan at kinokondena ang mga tao. Ang mga taong kagaya nito ay walang pagmamahal o pagtanggap sa katotohanan, malamang na susubukan nilang makipagtalo sa Diyos, at husgahan pa nga ang Diyos at sumuway sa Diyos. Sa huli, mapaparusahan sila.

Naghahangad ba sa katotohanan iyong mga mahilig makipagtalo sa kung ano ang tama at mali? Hinahanap ba nila ang mga layunin ng Diyos, ang mga hinihingi ng Diyos, o ang mga katotohanang prinsipyo na dapat isagawa sa mga sitwasyong ito sa

pamamagitan ng mga tao, pangyayari, at bagay na nakakatagpo nila sa loob ng mga ito? Hindi. Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, may tendensiya silang aralin kung “kumusta ang pangyayari” o kung “kumusta ang taong iyon.” Ano ang pag-uugaling ito? Hindi ba’t ito ang madalas na tinutukoy ng mga tao bilang walang tigil na pagkapako sa mga tao at bagay? Nagtatalo sila tungkol sa mga pangangatwiran ng mga tao at sa takbo ng mga pangyayari, ipinipilit nilang linawin ang mga bagay na ito, pero hindi nila binabanggit kung sa aling bahagi ng proseso ng masasalimuot na sitwasyong ito nila hinanap ang katotohanan, naunawaan ang katotohanan, o kung saang bahagi sila nabigyang-liwanag. Wala sila ng ganitong mga karanasan at pamamaraan ng pagsasagawa. Palagi lang nilang sinasabi: “Malinaw na pinupuntirya mo ako sa usaping iyon, iniinsulto mo ako. Sa tingin mo ba ay napakahangal ko na hindi ko mapapansin? Bakit mo ako iinsultuhin? Hindi ko naman napasama ang loob mo; bakit mo ako pupuntiryahin? Dahil pinupuntirya mo ako, hindi ako magpipigil! Matagal na akong nagpapasensiya sa iyo, pero may mga limitasyon ang pagpapasensiya ko. Huwag mong isiping madali akong api-apihin; hindi ako takot sa iyo!” Habang kumakapit sa mga isyung ito, walang tigil nilang ipinipresenta ang mga pangangatwiran nila, nakapako sa tama at mali at sa wasto at hindi wasto ng usapin, pero hindi talaga umaayon sa katotohanan ang mga diumano’y pangangatwiran nila, at wala ni isang salita sa mga ito ang umaayon sa mga hinihingi ng Diyos. Napapako sila sa mga tao, pangyayari, at bagay hanggang sa puntong nayayamot na ang iba at wala nang may gustong makinig sa kanila, pero sila mismo ay hindi kailanman nagsasawang magsalita tungkol sa mga bagay na ito, tinatalakay nila ang mga ito saanman sila magpunta, na parang sila ay sinapian. Ito ay tinatawag na walang tigil na pagkapako sa mga tao at bagay, at sadyang pagtanggi na hanapin ang katotohanan. Ang pangalawang katangian ng mga taong nambabatikos at nagbabangayan sa isa’t isa ay ang partikular nilang pagkahilig sa walang tigil na pagkapako sa mga tao at bagay. Nagmamahal ba sa katotohanan iyong mga walang tigil na nakapako sa mga tao at bagay? (Hindi.) Hindi nila minamahal ang katotohanan, halata ito. Kung gayon, nauunawaan ba ng mga indibidwal na ito ang katotohanan? Alam ba nila kung ano talaga ang katotohanang sinasabi ng Diyos? Kung susuriin ang panlabas nilang pag-uugali ng walang tigil na pagkapako sa mga tao at bagay, alam ba nila kung ano talaga ang katotohanan? Malinaw na hindi. Ano ang ideyang pinagpipitagan nila? Ito ay ang ideya na kung sinuman ang may mga salitang may pinakamatibay na katwiran ang siyang tama, kung sinumang may mga kilos na matapat at maipapakita sa lahat ang siyang nasa tama, at kung sinuman ang kumikilos nang alinsunod sa moralidad, etika, at tradisyonal na kultura, nagkakamit ng pagsang-ayon ng nakararami, ang siyang nasa tama. Sa pananaw nila, ang “tama” na ito ang kumakatawan sa katotohanan, para walang tigil silang mapako sa mga tao at bagay nang may masidhing kapangahasan, at hindi sila kailanman tumitigil sa pagkakapako sa mga usaping ito. Naniniwala sila na ang pagiging may katwiran ay katumbas ng pagtataglay ng katotohanan—hindi ba’t malaking problema ito? Sinasabi ng ilang tao,

“Hindi ko nagambala o nagulo ang gawain ng iglesia, hindi ko sinasamantala ang iba, ayaw kong magnakaw sa iba, at hindi ako nang-aapi; hindi ako isang masamang tao.” Ang ipinapahiwatig ba rito ay na isa kang taong nagsasagawa ng katotohanan, isang taong nagtataglay ng katotohanan? Karamihan sa mga walang tigil na nakapako sa mga tao at bagay ay naniniwalang matutuwid silang tao at dahil doon ay hindi na nila kailangang mag-alala tungkol sa mga tsismis, at itinuturing nila ang sarili nila bilang matutuwid at mararangal na tao na hindi kailanman mambobola ng iba. Samakatwid, kapag nahaharap sa mga sitwasyon, may tendensiya silang makipagtalo at makipagdebate, at piliting patunayan na tama ang pangangatwiran nila sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito. Naniniwala sila na kung matibay ang pangangatwiran nila, at puwede itong ipresenta nang hayagan, at sumasang-ayon dito ang nakararami, sila ay isang taong nagtataglay ng katotohanan. Ano ang “katotohanan” nila? Sa anong pamantayan ito sinusukat? Sa tingin ba ninyo ay mauunawaan ng gayong mga tao ang katotohanan? (Hindi.) Samakatwid, palagi silang walang tigil na nakapako sa mga tao at bagay at buong katigasan silang nakatuon sa mga ito. Hindi nauunawaan ng mga taong ito ang katotohanan, kaya palagi nilang sinasabi, “Hindi ko naman napasama ang loob mo. Bakit palagi mo akong pinupuntirya? Mali ang ginagawa mong pagpuntirya sa akin!” Naniniwala sila, “Kung hindi ko napasama ang loob mo, hindi mo ako dapat tratuhin sa ganitong paraan. Dahil tinatrato mo ako sa ganitong paraan, gagantihan kita, maghihiganti ako, at ang paghihiganti ko ay lehitimong pagtatanggol sa sarili at naaayon ito sa batas. Ito ang katotohanang prinsipyo. Samakatwid, hindi umaayon sa mga katotohanang prinsipyo ang ginagawa mo, pero umaayon ang ginagawa ko. Kaya ipapako ko ang sarili ko sa usaping ito, palagi kong uungkatin ang isyung ito, at palagi kitang babanggitin!” Naniniwala silang ang walang tigil na pagkapako sa mga tao at bagay ay umaayon sa mga katotohanang prinsipyo, pero hindi ba’t isa itong malaking pagkakamali? Isa nga itong malaking pagkakamali, at mali sila ng pagkakaayon. Ang walang tigil na pagkakapako sa mga tao at bagay ay ganap na ibang usapin kaysa sa pagsasagawa ng katotohanan. Ito ang pangalawang problema sa pagkatao ng mga taong ito—walang tigil silang nakapako sa mga tao at bagay. Saan nauugnay ang mga problema ng pagkatao? Hindi ba’t nauugnay ang mga ito sa kalikasan ng isang tao? Maraming taon nang nananampalataya sa Diyos ang mga taong ito, pero hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at iniisip nila na ang mga terminong alam nila, gaya ng pagiging bukas at totoo, matuwid at matapat, prangka at walang pag-aalinlangan, diretsahan at marangal, at iba pa ay esensiyal sa kung paano umasal, at itinuturing nila ang mga bagay na ito bilang ang mga katotohanang prinsipyo. Maling-mali ang pananaw na ito.

Ang mga taong nambabatikos sa isa’t isa at may tendensiyang makipagbangayan ay may hindi normal na pagkatao. Ang unang aspekto nito ay ang pagkahilig na makipagtalo sa kung ano ang tama at mali; ang pangalawa ay ang walang tigil na pagkapako sa mga tao at bagay. Ano ang ikatlong aspekto? Hindi ba’t ito ay ang ganap nilang pagtanggi na tanggapin ang katotohanan? Ni hindi nga nila matanggap ang iisang

tamang pahayag. Iniisip nila, “Kahit na tama ang sinasabi mo, kailangan mo pa rin akong tulungan na hindi mapahiya, kailangan mong magsalita nang maingat at huwag akong saktan. Kung ang mga salita mo ay matalas at puwede kong ikapahiya, dapat sa pribado mo sabihin sa akin ang mga ito. Hindi mo ako dapat saktan sa harap ng maraming tao, nang walang pagsasaalang-alang sa pagpapahalaga ko sa sarili at hindi ako binibigyan ng tsansang makaalis sa nakakahiyang sitwasyong ito. Dagdag pa rito, mali ang sinasabi mo, kaya dapat akong gumanti!” Sa mas malulubhang kaso, nanlalaban ang ganitong mga uri ng tao: “Gaano man katama ang mga salita mo, hindi ko tatanggapin ang mga ito! Ayos lang kung magsasalita ka tungkol sa ibang tao, pero hindi ayos na puntiryahin mo ako, kahit na tama ka!” Kahit kapag nagbabasa ng mga salita ng Diyos, kung nararamdaman nila na pinupuntirya o inilalantad sila ng mga salita ng Diyos, nakakaramdam sila ng pagtutol sa mga salitang iyon at ayaw nilang makinig sa mga ito—sadyang dahil nahaharap lang sila sa mga salita ng Diyos, hindi nila kayang makipagtalo sa Kanya. Kung harap-harapang tutukuyin sa kanila ng isang tao ang mga isyu o kalagayan nila, o hindi sinasadyang babanggitin sila nang walang intensiyong puntiryahin sila, kaya nilang gumanti at magsimula ng mga pagbabangayan. Hindi ba’t nangangahulugan ito na ganap na tumatangging tumanggap sa katotohanan ang gayong mga indibidwal? (Oo.) Ito ang pagkataong diwa nila—isang ganap na pagtangging tanggapin ang katotohanan. Kaya, anuman ang nilalaman ng mga pagbabangayan nila o saanman nangyayari ang mga pagbabangayang ito, malinaw ang pagkatao ng gayong mga tao. Hindi nila nauunawaan ang katotohanan, at kahit na nauunawaan nila ang sinasabi sa mga sermon, hindi nila tinatanggap ang katotohanan; nambabatikos pa rin sila sa isa’t isa at patuloy na nakikipagbangayan, o madalas silang may tendensiyang batikusin ang iba. Kung susuriin ang mga pagpapamalas nilang ito, anong uri sila ng mga tao? Una, mga nagmamahal ba sila sa katotohanan? Sila ba ay mga indibidwal na kayang isagawa ang katotohanan kapag nauunawaan nila ito? (Hindi.) Kapag may natuklasan silang mga problema, kaya ba nilang hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga ito? (Hindi.) Kapag nagkimkim sila ng mga kuru-kuro, at mga pagkiling o personal na opinyon tungkol sa ibang mga tao, magagawa ba nilang magkusa na isantabi ang mga ito para hanapin ang katotohanan? (Hindi.) Hindi nila kayang gawin ang alinman sa mga bagay na ito. Kung titingnan ang lahat ng bagay na ito na hindi nila kayang gawin, malinaw na walang silbi ang lahat ng indibidwal na may tendensiyang mambatikos sa iba at makipagbangayan. Kung susuriin ang iba’t ibang pagpapamalas nila, hindi nila minamahal ang katotohanan at hindi sila handang hanapin ito. Sa mga usaping may kinalaman sa katotohanan, anumang mga pagkiling o maling pananaw ang mabuo sa kanila, nananatili silang mapagmagaling at hindi talaga nila hinahanap ang katotohanan, at kahit na malinaw na naibahagi sa kanila ang katotohanan, tumatanggi silang tanggapin ito, at lalong ayaw nila itong isagawa. Kasabay nito, nagpapakita ng higit pang kasuklam-suklam na pagpapamalas ang mga indibidwal na ito: Matapos magkamit ng pagkaunawa sa ilang salita at doktrina, ginagamit nila ang mga engrandeng doktrinang

ito na nauunawaan nila para basta-bastang batikusin, husgahan, at kondenahin ang iba, at pigilan at kontrolin pa nga ang iba. Kung hindi nila nagagawang supilin ka gamit ang mga paghusga at pagkondena nila, mag-iisip sila ng kung ano-anong paraan para pigilan ka gamit ang mga hungkag na teorya. Kung hindi ka pa rin tatalima, gagamit na sila ng mga higit pang kasuklam-suklam at kahindik-hindik na pamamaraan para batikusin ka, hanggang sa tumalima ka sa kanila, hanggang maging mahina at negatibo ka, o magsimula kang hangaan sila at mamanipula nila—saka sila masisiyahan. Kaya, batay sa mga pag-uugali, mga pagpapamalas, at saloobin sa katotohanan ng mga indibidwal na ito, anong uri ng mga tao sila? Ganap silang tumatangging tanggapin ang katotohanan—ito ang saloobin nila sa katotohanan. Paano naman ang pagkatao nila? Ang karamihan sa mga indibidwal na ito ay masasamang tao; sa konserbatibong pananalita, higit 90% sa kanila ang masama. Hilig ng masasamang tao na linawin ang tama at mali sa bawat usapin, kung hindi, hindi nila ito bibitiwan, at palagi silang may ganitong uri ng tendensiya. Dagdag pa rito, kapag nahaharap sa mga sitwasyon, ang masasamang indibidwal ay nakapako sa mga tao at bagay, at walang tigil na nakapako sa mga ito, palaging ipinipresenta ang sarili nilang mga pangangatwiran, palaging kinukumbinsi ang lahat na sumang-ayon at sumuporta sa kanila, at sabihin na tama sila, at hindi tinutulutan ang sinuman na magsabi ng anumang masama tungkol sa kanila. Dagdag pa rito, kapag nahaharap ang masasamang tao sa mga sitwasyon, palagi silang naghahanap ng mga pagkakataon para ikulong at kontrolin ang mga tao. Anong pamamaraan ang ginagamit nila para kontrolin ang mga tao? Kinokondena nila ang lahat, pinapapaniwala ang bawat tao na hindi siya sapat, na may mga problema at kapintasan siya, at na siya ay mas mababa kaysa sa masasamang taong ito, at pagkatapos nito ay nalulugod at nasisiyahan ang masasamang tao. Kapag napabagsak na nila ang lahat, at sila na lang ang nakatayo, hindi ba’t napasailalim na nila ang lahat sa kontrol nila? Ang layong nakakamit nila sa pagkontrol sa mga tao ay ang kondenahin at pabagsakin ang lahat, pinapapaniwala ang lahat na walang kakayahan ang mga ito, ginagawang negatibo at mahina ang mga ito, nagsasanhing mawalan ng pananalig sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan ang mga ito, at mawalan ng pananalig sa Diyos at mawalan ng landas na susundan ang mga ito—pagkatapos nito, natutuwa at nasisiyahan ang masasamang taong ito. Kung titingnan ang mga aspektong ito, hindi ba’t malinaw na binubuo ng masasamang tao ang karamihan sa ganitong mga uri ng mga indibidwal? Tingnan ninyo kung aling mga uri ng mga tao ang palaging may tendensiyang batikusin ang iba kapag nasa grupo sila, harap-harapan man o nakatalikod man ang mga tao, gumagamit ng iba’t ibang pamamaraan para batikusin ang iba—masasama ang gayong mga tao. Hinding-hindi tinatanggap ng mga indibidwal na ito ang katotohanan, ni pinagbabahaginan ang katotohanan, at madalas nilang sinasamantala ang isang sitwasyon para ipagyabang na mabubuti silang tao, na may katwiran at batayan ang anumang ginagawa nila, at na kumikilos sila sa isang matuwid at matapat na paraan—palagi nilang ipinagyayabang na sila ay mga disente at marangal na tao, at mga

diretsahan at makatarungang indibidwal. Hindi kailanman nagpapatotoo sa katotohanan ang mga taong ito, ni nagpapatotoo sa mga salita ng Diyos, mahilig lang sila na walang tigil na mapako sa mga tao at bagay, at ipresenta ang sarili nilang mga pangangatwiran. Ang intensiyon at layon nila ay mapaniwala ang mga tao na mababuti silang tao, at na nauunawaan nila ang lahat ng bagay. Tungkol sa mga nasa iglesia na madalas mambatikos at magbangayan sa isa't isa, ito man ay ang mga nagpapasimula ng mga pambabatikos o iyong mga nababatikos, kung nagagambala at nagugulo ang buhay iglesia, dapat tumindig ang karamihan ng tao para bigyan sila ng babala at limitahan sila. Hindi dapat bigyan ng oras ang mga taong ito na mag-amok at gumawa ng masasamang bagay, ni dapat tulutan na makaapekto sa iba sa pamamagitan ng pagbubulalas ng personal nilang galit at paghahangad ng paghihiganti dahil sa mga personal nilang sama ng loob at pansamantalang galit. Siyempre, dapat masigasig ding tuparin ng mga lider ng iglesia ang mga responsabilidad nila, epektibong nililimitahan ang mga taong ito mula sa paggambala at panggugulo sa buhay iglesia, at pinoprotektahan ang karamihan ng tao mula sa pagkabagabag. Kapag nambabatikos at nagbabangayan ang mga tao sa isa't isa, dapat maagap na pigilan at limitahan ng mga lider ng iglesia ang mga ito. Kung hindi makakalutas sa problema ang pagtatangkang pigilan at limitahan ang mga ito, at patuloy na mambabatikos at magbabangayan sa isa't isa ang mga ito, ginugulo ang iba, at patuloy na pinipinsala ng mga ito ang buhay iglesia, dapat na paalisin o patalsikin ang gayong mga indibidwal. Ito ang responsabilidad ng mga lider ng iglesia.

Nagbahaginan tayo nang marami-rami tungkol sa mga pag-uugali at pagpapamalas niyong mga nambabatikos at nagbabangayan sa isa't isa. Maikli rin nating hinimay at pinagbahaginan ngayon lang ang tungkol sa pagkatao nila, na magbibigay-kakayahan sa inyo na magkamit ng higit na pagkilatis sa kanila, at magbibigay-kakayahan sa karamihan sa inyo na malaman kung ano ang nangyayari at maagap silang makilatis kapag nagsasalita at kumikilos sila. Kapag mas lubusan ninyong nauunawaan at nalalaman ang diwa ng mga taong ito, mas mabilis ninyo silang makikilatis, at dahil dito ay mababawasan nang mababawasan ang panggugulo nila sa inyo. Dapat maging malinaw sa karamihan sa inyo ang tungkol sa pinsalang idinudulot sa buhay iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos niyong mga nambabatikos at nagbabangayan sa isa't isa. Ang ganitong mga uri ng tao ay tiyak na hindi pagninilayan ang sarili nila at hindi titigil sa pakikipag-away. Kung hindi sila agarang pangangasiwaan at papaalisin, magdudulot sila ng patuloy na mga pagkagambala at kaguluhan sa buhay iglesia. Samakatwid, ang pangangasiwa at pagpapaalis sa gayong mga tao ay isang napakahalagang aytem ng gawain para sa mga lider ng iglesia at hindi ito dapat kaligtaan.

Hunyo 5, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (16)

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikaapat na Bahagi)

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

VIII. Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro

A. Ang mga Pagpapamalas ng Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro

Ngayon ay ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon." Tungkol naman sa iba't ibang isyu ng paggambala at panggugulo na lumilitaw sa buhay iglesia, nakapaglista tayo ng labing-isa. Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikapitong isyu: pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa. Ngayon, magbabahaginan tayo tungkol sa ikawalong isyu: pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Madalas ding nangyayari sa buhay iglesia ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Ang ilang tao, na hindi talaga tinatanggap ang katotohanan, ay naniniwala sa Diyos batay sa mga kuru-kuro at imahinasyon nila, at madalas silang nagpapakalat ng ilang kuru-kuro para guluhin ang buhay iglesia. Dapat limitahan ng iglesia ang ganitong pag-uugali at lutasin ito sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa katotohanan sa buhay iglesia. Mula sa literal na perspektiba, makikita ng sinuman na ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay hindi wastong pag-uugali, na hindi ito isang positibong bagay kundi negatibo. Samakatwid, dapat itong pigilan at limitahan sa buhay iglesia. Anumang uri ng mga tao ang nagpapakalat ng mga kuru-kuro, anuman ang mga motibo nila, sinasadya man nila o hindi na magpakalat ng mga kuru-kuro, hangga't nagpapakalat sila ng mga kuru-kuro, magagambala at magugulo nito ang buhay iglesia, na magdudulot ng mga nakakapinsalang epekto. Samakatwid, kailangang ganap na limitahan ang usaping ito. Mula sa anumang perspektiba, ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay hindi posibleng magkaroon ng positibong papel sa paghahangad sa katotohanan, paghahangad sa pagkilala sa Diyos, o pagpasok sa katotohanang realidad ng mga tao; maaari lang

itong magkaroon ng epekto ng panggugulo at paninira sa mga bagay na ito. Kaya, kapag nagpapakalat ng mga kuru-kuro sa buhay iglesia ang isang tao, ang lahat—kapwa ang mga lider ng iglesia at mga kapatid—ay dapat kilatisin ang usaping ito at agad na kumilos para pigilan at limitahan ang taong iyon, sa halip na pikit-matang kunsintihin siya sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro para ilihis at guluhin ang iba. Magbahaginan muna tayo tungkol sa kung anong uri ng mga salita ang bumubuo sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Sa pagkakaroon ng pagkilatis na ito, tumpak na matutukoy ng mga tao kung ano ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro at magagawa rin nilang tumpak na pigilan at limitahan ito, sa halip na balewalain ito at tratuhin ito nang walang pakialam.

1. Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro Tungkol sa Diyos

May pinupuntirya ang mga kuru-kurong ipinapakalat. Una, kailangang makita natin kung sino ang pinupuntirya ng mga ito at kung anong mga kuru-kuro ang ipinapakalat. Makakatulong ang pagkaunawa sa mga ito para malaman mo kung aling mga pahayag na sinasabi ng mga tao at aling mga pananaw na ipinapakalat ng mga tao ang bumubuo sa mga kuru-kuro. Ang pag-alam kung aling mga salita ang mga kuru-kuro ng mga tao at kung anong mga kilos ang bumubuo sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay magbibigay-kakayahan sa mga tao na limitahan ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro nang mas tumpak at mas may kaugnayan. Una sa lahat, ang pinakamalubhang pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay may kinalaman sa mga ideya at maling pagkaunawa ng mga tao tungkol sa Diyos. Isa itong pangunahing kategorya. Ang pagpapakalat ng mga di-totoong pananaw at pahayag tungkol sa pagkakakilanlan ng Diyos, diwa ng Diyos, disposisyon ng Diyos, mga salita ng Diyos, gawain ng Diyos, at pag-iral ng Diyos ay pawang bumubuo sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Isa itong pangkalahatang pahayag; sa partikular, anong uri ng mga pahayag ang bumubuo sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro? Ang pagpapakalat ng mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, mga paghusga at pagkondena sa Diyos, at maging ang mga paglapastangan sa Diyos ay pawang pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Sa madaling salita, ang pagpapakalat ng mga pagkaunawa tungkol sa Diyos na hindi tumutugma sa realidad at ng mga pahayag at maling interpretasyong hindi tumutugma sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos ay pawang bumubuo sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Halimbawa, sa buhay iglesia, madalas na pinag-uusapan ng ilang tao ang tungkol sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Wala silang tunay na pagkaunawa sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos. Madalas silang nagdududa at nagkakamali ng pagkaunawa sa Diyos sa puso nila, hindi nila magawang magpasakop sa kapaligiran ng pamumuhay at sa kapaligiran para sa paggawa ng mga tungkulin nila na isinasaayos ng Diyos para sa kanila, at iba pa. Pagkatapos, ipinapakalat nila ang mga maling pagkaunawa nila tungkol sa Diyos at ang mga ideya nila tungkol sa hindi pagkaunawa sa Diyos. Sa madaling salita, ang mga ideyang ito ay hindi tungkol sa pagtanggap at pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos mula

sa perspektiba ng isang nilikhang tao, bagkus ay puno ang mga ito ng mga personal na pagkiling, maling pagkaunawa, at maging ng mga paghusga at pagkondena. Pagkarinig sa mga ito, ang ibang tao ay nagkakaroon ng maling pagkaunawa tungkol sa Diyos at nagiging mapagbantay laban sa Kanya, kaya nawawala ang tunay nilang pananalig sa Diyos, lalong nawawalan sila ng tunay na pagpapasakop.

Iniisip ng ilang tao na ang pananampalataya sa Diyos ay dapat magdulot ng kapayapaan at kagalakan, at na kapag nahaharap sila sa mga sitwasyon, kailangan lang nilang magdasal sa Diyos at pakikinggan sila ng Diyos, bibigyan sila ng biyaya at mga pagpapala ng Diyos, at titiyakin ng Diyos na magiging payapa at maayos ang lahat ng bagay para sa kanila. Ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay ang maghangad ng biyaya, magtamo ng mga pagpapala, at magtamasa ng kapayapaan at kaligayahan. Dahil sa mga ganitong pananaw, tinatalikuran nila ang pamilya nila o nagbibitiw sila sa trabaho para gugulin ang sarili nila para sa Diyos at kaya nilang magtiis ng pagdurusa at magbayad ng halaga. Naniniwala sila na basta't handa silang talikuran ang mga bagay, gugulin ang sarili nila para sa Diyos, magtiis ng pagdurusa, at magsikap sa paggawa, habang nagpapakita ng kahanga-hangang pag-uugali, makakamit nila ang mga pagpapala at pabor ng Diyos, at na anumang paghihirap ang kakaharapin nila, basta't nagdarasal sila sa Diyos, lulutasin Niya ang mga ito at magbubukas Siya ng landas para sa kanila sa lahat ng bagay. Ito ang pananaw na pinanghahawakan ng karamihan ng taong nananampalataya sa Diyos. Nadarama ng mga tao na makatwiran at tama ang ganitong pananaw. Ang abilidad ng maraming tao na mapanatili ang pananalig nila sa Diyos sa loob ng maraming taon nang hindi isinusuko ang pananalig nila ay direktang konektado sa pananaw na ito. Iniisip nila, "Napakarami ko nang ginugol para sa Diyos, napakabuti ng naging pag-uugali ko, at wala akong ginawang anumang masasamang gawa; tiyak na pagpapalain ako ng Diyos. Dahil nagdusa ako nang husto at nagbayad ng malaking halaga para sa bawat gampanin, ginagawa ang lahat nang ayon sa mga salita at hinihingi ng Diyos nang walang anumang nagagawang pagkakamali, dapat akong pagpalain ng Diyos; dapat Niyang tiyakin na magiging maayos ang lahat para sa akin, at na madalas akong magkaroon ng kapayapaan at kagalakan sa puso ko, at matamasa ko ang presensiya ng Diyos." Hindi ba't isa itong kuru-kuro at imahinasyon ng tao? Mula sa perspektiba ng tao, natatamasa ng mga tao ang biyaya ng Diyos at nakakatanggap sila ng mga pakinabang, kaya may katuturan naman na magdusa sila nang kaunti para dito, at sulit na ipagpalit ang pagdurusang ito para sa mga pagpapala ng Diyos. Isa itong mentalidad ng pakikipagtawaran sa Diyos. Gayumpaman, mula sa perspektiba ng katotohanan at sa perspektiba ng Diyos, hindi talaga ito umaayon sa mga prinsipyo ng gawain ng Diyos ni sa mga pamantayang hinihingi ng Diyos sa mga tao. Ito ay ganap na pangangarap nang gising, pawang isang kuru-kuro at imahinasyon ng tao tungkol sa pananampalataya sa Diyos. Nakapaloob man dito ang pakikipagtawaran o paghingi ng mga bagay mula sa Diyos, o naglalaman man ito ng mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, ano't anuman, wala sa mga ito ang naaayon sa mga hinihingi ng

Diyos, ni tumutugma sa mga prinsipyo at pamantayan ng Diyos para pagpalain ang mga tao. Sa partikular, ang transaksiyonal na kaisipan at pananaw na ito ay sumasalungat sa disposisyon ng Diyos, pero hindi ito napagtatanto ng mga tao. Kapag ang ginagawa ng Diyos ay hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng mga tao, mabilis silang nagkakaroon sa puso nila ng mga reklamo at maling pagkaunawa tungkol sa Kanya. Nadarama pa nga nila na naagrabyado sila at nagsisimula silang makipagtalo sa Diyos, at maaari pa nga nilang husgahan at kondenahin ang Diyos. Anuman ang mga kuru-kuro at maling pagkaunawa na nabubuo ng mga tao, sa perspektiba ng Diyos, hindi Siya kailanman kumikilos o hindi Niya kailanman tinatrato ang sinuman ayon sa mga kuru-kuro o kahilingan ng tao. Laging ginagawa ng Diyos ang nais Niyang gawin, ayon sa sarili Niyang paraan at batay sa sarili Niyang disposisyong diwa. May mga prinsipyo ang Diyos sa kung paano Niya tinatrato ang bawat tao; at wala Siyang anumang ginagawa sa bawat tao na batay sa mga kuru-kuro, imahinasyon, o kagustuhan ng tao—ito ang aspekto ng gawain ng Diyos na pinakataliwas sa mga kuru-kuro ng tao. Kapag inihahanda ng Diyos ang isang kapaligiran para sa mga tao na ganap na taliwas sa mga kuru-kuro at imahinasyon nila, bumubuo sila sa puso nila ng mga kuru-kuro, panghuhusga, at pagkondena laban sa Diyos, at puwede pa nga nilang itatwa ang Diyos. Maaari bang tugunan ng Diyos ang mga pangangailangan nila? Hinding-hindi. Hindi kailanman babaguhin ng Diyos ang Kanyang paraan ng paggawa at ang Kanyang mga pagnanais ayon sa mga kuru-kuro ng tao. Sino ang kailangang magbago kung gayon? Ang mga tao. Kailangang bitiwan ng mga tao ang mga kuru-kuro nila, kailangan nilang tumanggap, magpasakop, at dumanas sa mga kapaligirang inihanda ng Diyos, at hanapin ang katotohanan para lutasin ang sarili nilang mga kuru-kuro, sa halip na sukatin ang mga ginagawa ng Diyos ayon sa mga kuru-kuro nila para alamin kung tama ito. Kapag iginigiit ng mga tao na kumapit sa mga kuru-kuro nila, nagkakaroon sila ng paglaban sa Diyos—nangyayari ito nang natural. Saan nagmumula ang ugat ng paglaban? Ito ay nasa katunayang ang karaniwang taglay ng mga tao sa puso nila ay walang dudang ang mga kuru-kuro at imahinasyon nila at hindi ang katotohanan. Samakatwid, kapag nahaharap sa gawain ng Diyos na hindi umaayon sa mga kuru-kuro ng tao, maaaring suwayin ng mga tao ang Diyos at husgahan Siya. Pinapatunayan nito na ang mga tao ay talagang walang pusong nagpapasakop sa Diyos, ang kanilang tiwaling disposisyon ay malayo pa sa pagiging nalinis at sa esensiya ay namumuhay sila ayon sa kanilang tiwaling disposisyon. Napakalayo pa rin nila sa pagkakamit ng kaligtasan.

Kapag nagkakaroon ang mga tao ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos at paglaban sa Kanya sa puso nila, atubiling tatanggapin ng mga may kaunting konsensiya ang ginagawa ng Diyos at susubukan nilang makibagay sa kapaligirang inihanda ng Diyos para sa kanila at tatanggapin ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa mga tao. Kung ilang kuru-kuro ang kayang bitiwan ng mga tao at kung hanggang saan ay nakasalalay, sa isang banda, sa kakayahan nila, at sa kabilang banda, sa kung tinatanggap ba nila ang katotohanan at kung sila ba ay mga taong nagmamahal sa katotohanan.

Aktibong hinaharap ng ilang tao ang mga kapaligirang inihahanda ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos, paghahanap at pagbabahaginan, at pagbubulay-bulay. Unti-unti nilang nauunawaan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay at sa gayon ay lumalalim ang pagpapasakop at pananalig nila. Gayumpaman, ang ilang tao, anuman ang kapaligirang nararanasan nila, ay hindi naghahanap ng katotohanan. Sa halip, sinusuri nila ang lahat ng kapaligirang pinamamatnugutan ng Diyos batay sa mga kuru-kuro, imahinasyon nila, at sa kung kapaki-pakinabang ito sa kanila o hindi. Palaging umiikot sa mga sarili nilang interes ang mga pagsasaalang-alang nila; palagi nilang iniisip kung gaano kalaki ang pakinabang na puwede nilang makamit, kung gaano matutugunan ang mga interes nila sa usapin ng mga materyal na bagay, pera, at kasiyahan ng laman; at palagi silang nagdedesisyon at palagi nilang tinatrato ang lahat ng isinasaayos ng Diyos batay sa mga salik na ito. At sa huli, pagkatapos pigain ang utak nila, pinipili nilang hindi magpasakop sa kapaligirang inihanda ng Diyos bagkus ay takasan at iwasan ito. Dahil sa paglaban, pagtanggi, at pag-iwas nila, nilalayo nila ang sarili nila mula sa mga salita ng Diyos, napapalampas nila ang karanasan sa buhay, at nagdurusa sila ng mga kawalan, na nagdudulot ng pasakit at paghihirap sa puso nila. Habang lalo nilang kinokontra ang mga gayong kapaligiran, mas marami at mas matindi ang pagdurusang tinitiis nila. Kapag lumilitaw ang gayong sitwasyon, tuluyang nadudurog ang kaunting pananalig sa Diyos na mayroon sila. Sa sandaling ito, sabay-sabay na lumilitaw ang lahat ng kuru-kurong nangingibabaw sa puso nila: “Napakatagal ko nang ginugugol ang sarili ko para sa diyos, pero hindi ko inasahang tatratuhin ako ng diyos sa ganitong paraan. Hindi patas ang diyos, hindi niya mahal ang mga tao! Sinabi ng Diyos na ang mga taong taos-pusong gumugugol ng sarili nila para sa Kanya ay tiyak na labis na pagpapalain. Sinsero kong ginugol ang sarili ko para sa diyos, tinalikuran ko ang pamilya at propesyon ko, nagtiis ako ng mga paghihirap, at nagtrabaho ako nang husto—bakit hindi ako lubos na pinagpala ng diyos? Nasaan ang mga pagpapala ng diyos? Bakit hindi ko maramdaman o makita ang mga ito? Bakit hindi patas ang pagtrato ng diyos sa mga tao? Bakit hindi tinutupad ng diyos ang salita niya? Sinasabi ng mga tao na tapat ang diyos, pero bakit hindi ko ito maramdaman? Kung hindi na isasaalang-alang ang iba pang bagay, dito lang sa kapaligirang ito, hindi ko talaga naramdaman na tapat ang diyos!” Dahil may mga kuru-kuro ang mga tao, madali silang nalilinlang at nalilihis ng mga ito. Kahit kapag naghahanda ang Diyos ng mga kapaligiran para sa disposisyonal na pagbabago ng mga tao at para sa paglago nila sa buhay, nahihirapan silang tanggapin ito at nagkakamali sila ng pagkaunawa sa Diyos. Iniisip nilang hindi ito pagpapala ng Diyos at na hindi sila gusto ng Diyos. Naniniwala silang sinsero nilang ginugol ang sarili nila para sa Diyos, pero hindi tinupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako. Kaya, ang mga taong ito, na hindi naghahangad sa katotohanan, ay napakadaling nabubunyag sa pamamagitan ng iisang pagsubok ng isang maliit na kapaligiran. Kapag nabunyag na sila, sinasabi nila sa wakas ang pinakanais nilang sabihin: “Hindi matuwid ang diyos. Ang diyos ay hindi

isang tapat na diyos. Bihirang natutupad ang mga salita ng diyos. Sinabi ng Diyos, ‘Ang Diyos ay totoo sa Kanyang salita, at ang Kanyang salita ay matutupad, at ang Kanyang ginagawa ay mananatili magpakailanman.’ Nasaan ang katuparan ng mga salitang ito? Bakit hindi ko ito makita o maramdaman? Tingnan mo si Ganito-at-ganyan: Simula nang manampalataya siya sa diyos, hindi niya tinalikdan o ginugol ang sarili niya para sa diyos tulad ng ginawa ko, ni hindi siya naghandog ng kasingdami ng sa akin. Pero nakapasok sa mga tanyag na unibersidad ang mga anak niya, tumaas ang ranggo ng asawa niya, umuunlad ang negosyo nila, at maging ang mga ani nila ay mas masagana kaysa sa iba. At ano ang nakamit ko? Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman!” Ang mga salitang ito ang tunay na iniisip ng mga taong ito, ang kanilang mga alituntunin sa pamumuhay. Puno sila ng mga kuru-kurong ito, puno ng mga kakatwang kaisipan at pananaw na ito, at puno ng mga pagsasaalang-alang sa mga pakinabang at transaksiyon. Ganito nila nauunawaan at naiintindihan ang gawain ng Diyos at ang Kanyang masisidhing layunin, ganito nila tinatrato ang mga bagay na ito. Samakatwid, sa mga kapaligirang mabusising inihahanda ng Diyos nang paulit-ulit, paulit-ulit nilang sinusukat ang Diyos at nagkakamali sila ng pagkaunawa sa Kanya dahil sa mga kuru-kuro nila, at patuloy silang nabibigo at nagkakamali. Bukod dito, palagi nilang sinusubukang patunayan na tama ang mga kuru-kuro nila. Kapag naniniwala sila na ang mga kuru-kurong ito ay kumpirmado na at sapat nang ebidensiya para basta-bastang suriin, husgahan, at kondenahin ang Diyos, nagsisimula silang magpakalat ng mga kuru-kuro, dahil puno ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos ang puso nila. Ano ang nakahalo sa mga kuru-kurong ito? Nakahalo rito ang mga reklamo, ang kawalang-kasiyahan, at mga hinanakit. Kapag puno sila ng mga bagay na ito, naghahanap sila ng mga pagkakataon para magbulalas. Umaasa silang makakahanap sila ng mga taong makikinig sa mga “kawalang katarungan” na naranasan nila; gusto nilang ibulalas ang mga bagay na ito sa mga taong ito at ikuwento sa mga ito ang diumano’y hindi patas na pagtrato na “pinagdusahan” nila. Ganito lumilitaw sa buhay iglesia ang mga kuru-kurong ipinapakalat ng mga taong ito, ganito nabubuo ang mga gayong kuru-kuro. Ang puso ng mga taong ito ay puno ng mga hinanakit, pagtutol, at kawalang-kasiyahan, pati na rin ng mga maling pagkaunawa at reklamo tungkol sa Diyos, at maging ng mga paghusga at pagkondena sa Diyos, na sa huli ay nagiging sanhi para mapuno ng paglapastangan ang puso nila. Natatakot silang hindi sila magkakamit ng mga pagpapala at kaya ayaw nilang umalis, kaya ipinapakalat nila sa mga tao ang mga maling pagkaunawa nila tungkol sa Diyos at ang kawalang-kasiyahan nila sa Kanya, at higit pa rito, ipinapakalat nila ang mga paghusga at pagkondena nila sa Diyos at ang mga paglapastangan nila sa Kanya. Ano ang nilalapastangan nila? Nilalapastangan nila ang Diyos, sinasabing hindi Siya patas sa kanila at hindi Niya sila binibigyan ng mga angkop at katumbas na gantimpala para sa ginawa nila. Hinuhusgahan nila ang Diyos dahil hindi Niya sila pinagkakalooban ng biyaya at malalaking pagpapala pagkatapos nilang maghandog at magsakripisyo. Hindi nila natanggap mula sa Diyos ang mga pangangailangang iyon ng

laman—mga materyal na bagay, pera, at iba pa—na inaasahan nilang matanggap, kaya napupuno ng mga reklamo at hinanakit ang puso nila. Ang layon nila sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay, sa isang banda, para magbulalas at maghiganti, para makamit ang isang pakiramdam ng sikolohikal na balanse; at, sa kabilang banda, para udyukan ang mas maraming tao na magkaroon ng mga maling pagkaunawa at kuru-kuro tungkol sa Diyos, na nagiging sanhi para maging mapagbantay ang mga taong ito laban sa Diyos tulad nila. Kung mas maraming tao ang magsasabi, “Hinding-hindi na ulit kami mananampalataya sa diyos kailanman,” masisiyahan ang kalooban nila. Ito ang intensyon at natatagong dahilan sa likod ng pagpapakalat nila ng mga kuru-kuro.

Ano ang alituntunin sa pamumuhay ng mga taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro? Ano ang kasabihang madalas nilang inuulit? Pagkatapos maranasan ang ilang bagay at hindi nila nakamit ang mga pakinabang na ninais nila, walang tigil nilang sinasabi sa sarili nila, “Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman.” Kahit pagkatapos sabihin ito, hindi nila nararamdaman na naibsan ang pagkamuhi nila o na nakamit nila ang layon nila. Kapag dumadalo sila sa mga pagtitipon, anuman ang pinagbabahaginan ng iba, hindi nila ito matanggap. Kailangan nilang ulitin ang pariralang ito, inuulit ito nang ilang beses, kahit higit pa sa sampung beses. “Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman”—hindi ba’t puno ng kahulugan ang pariralang ito? May kuwento sa likod nito. Ano ang “pananampalataya” nila? Nanampalataya ba sila sa Diyos noon? Tunay bang pananalig ang kanilang pananampalataya noon? Mayroon ba itong pagpapasakop na dapat taglayin ng isang nilikha? (Wala.) Wala talaga. Puno sila ng mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos. Higit pa rito, puno sila ng mga hinihingi at kahilingan sa Diyos, nang walang anumang pagpapasakop. Ano ang ibig sabihin ng “pananampalataya” nila? “Naniniwala ako na ang diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa langit at lupa at sa lahat ng bagay. Naniniwala ako na kaya akong protektahan ng diyos mula sa pang-aapi ng iba. Naniniwala ako na kaya akong pahintulutan ng diyos na magtamasa ng kaginhawahan ng laman, mamuhay ng isang mabuti at masaganang buhay, at kaya niyang gawing payapa at kasiya-siya ang lahat ng bagay para sa akin. Naniniwala ako na kaya ng diyos na pahintulutan akong makapasok sa kaharian ng langit at makatanggap ng malalaking pagpapala, makatanggap nang daan-daang pagpapala sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa mundong darating!” Pananampalataya ba ito? Wala ni isang bakas ng pagpapasakop sa “mga pananampalataya” na ito, at wala ni isa sa mga ito ang tumutugma sa mga hinihingi ng Diyos sa mga tao. Ang mga pananampalatayang ito ay lubos na nagmumula sa perspektiba ng personal na pakinabang. Ang Diyos ay nagpapahayag ng katotohanan at gumagawa sa mga tao. Kailan sinabi ng Diyos na bibigyan Niya ng kakayahan ang mga tao na mamuhay nang masaya, mamuhay nang higit sa iba, o maging masagana at matagumpay, nang may walang-limitasyong kinabukasan? (Hindi kailanman.) Kung gayon, bakit itinuturing nilang napakahalaga ng sarili nilang “pananampalataya”? Sinasabi pa nga nila na hinding-hindi na ulit sila mananampalataya sa Diyos kailanman.

May anumang halaga ba ang pananampalataya nila? Tinatanggap ba ito ng Diyos? Wala silang bakas ng katotohanang realidad, walang bakas ng pagpapasakop sa Diyos, gusto lang nilang magkamit ng mga pagpapala, pakinabang, at bentaha mula sa Diyos, at tinatawag nila itong pananampalataya sa Diyos. Hindi ba't paglapastangan ito sa Diyos? Ang mga ganitong tao ay puno ng mga kuru-kuro at nakatuon sa hangaring magkamit ng mga pagpapala. Hinding-hindi nila dinaranas ang gawain ng Diyos at hindi nila isinasagawa ang mga salita ng Diyos. Ang layon at motibo ng lahat ng ginagawa nila ay ganap na para sa pakinabang ng sarili nilang laman. Pakiramdam nila na mabuti sila at itinuturing nila ang diumano'y pananalig nila sa Diyos bilang napakahalaga. Kung napakahalaga at napakamarangal ng pananalig mo sa Diyos, kung gayon ay bakit, kapag inihahanda ng Diyos ang ilang maliit na kapaligiran para sa iyo, hindi mo maunawaan ang katotohanan mula rito o magawang manindigan sa patotoo mo? Ano ang nangyayari dito? Kapag sinusubok ng Diyos ang pananalig mo, ano ang isinusukli mo sa Diyos? Posible bang ang gusto ng Diyos ay ang mga maling pagkaunawa, reklamo, at paglaban na isinusukli mo sa Kanya? Naaayon ba ang mga ito sa katotohanan? Malinaw na hindi. Samakatwid, ang katunayan na nagagawa ng mga taong ito na hayagang magpakalat ng mga kuru-kuro sa iglesia ay nagpapatunay ng isang bagay: Hindi nila kilala ang Diyos at lalong hindi sila naniniwala na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay—sadyang hindi umiiral ang diyos na sinasampalatayanan nila. Kapag hayagang nagpapakalat ng mga kuru-kuro ang mga ganitong tao para ilihis at himukin ang mas maraming tao na sumama sa pagtutol, pagkondena, at paglapastangan nila sa Diyos, hindi nila namamalayan na hayagan nilang inaanunsiyo na hindi na sila mga tagasunod ng Diyos, hindi na sila mananampalataya, at hindi na sila mga nilikha sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha. Ang mga kuru-kurong ipinapakalat nila ay hindi mga simpleng ideya o pahayag; sa halip, nagtayo na sila ng isang di-mabubuwag na harang laban sa Diyos sa kanilang puso, dahil buo na ang pasya nila na ang paggamit sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao para tratuhin ang Diyos, pangasiwaan ang ugnayan nila sa Diyos, at tratuhin ang mga salita ng Diyos at ang gawain ng Diyos, ay tama at ang dapat na paraan nila ng pagsasagawa. Kapag hayagang nagpapakalat ng mga kuru-kuro sa buhay iglesia ang mga gayong tao, dapat ba silang limitahan? O, dahil sa mababa nilang tayog at mababaw na pundasyon, dapat ba silang bigyan ng kalayaang ipahayag ang mga pananaw nila at bigyan ng sapat na oras at espasyo para magsisi? Ano ang nararapat na gawin? (Ang angkop na gawin ay pigilan at limitahan sila.) Bakit angkop na pigilan at limitahan sila? Sinasabi ng ilang tao, "Kung lilimitahan mo sila at hindi mo sila hahayaang magsalita nang malaya, at titigil sila sa pananampalataya at pagdalo sa mga pagtitipon, hindi ba't nakakapinsala iyon sa kanila? Nakakapanghinayang naman iyon! Hindi ba't mas pipiliin ng Diyos na iligtas ang lahat ng tao kaysa hayaang masadlak sa perdisyon ang isang tao? Maging ang nag-iisang nawawalang tupa ay dapat mahanap—pagkatapos ng lahat ng pagsisikap na hanapin ang nawawalang tupa, papayagan ba Niya itong mawala ulit?" Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Bakit hindi tama ang

mga ito? (Dahil hindi tunay na nananampalataya sa Diyos ang mga gayong tao; nananampalataya lang sila sa Diyos sa pag-asang magkakamit sila ng mga pagpapala, at ang pananampalataya nila ay may halong mga karumihan.) Sino ba ang mga walang halong karumihan sa pananampalataya nila sa Diyos? Hindi ba't mayroon ka ring ilang karumihan? Wasto bang dahilan ito? Isaalang-alang ang pahayag mula sa mga gayong tao: "Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman." Anong uri ng mga salita ito? May anumang pagkakaiba ba ito sa paglapastangan ng mga walang pananampalataya, ng mga diyablo, at ni Satanas? (Wala.) Ano ang ipinahihiwatig ng pahayag na ito? "Wala na akong pananalig sa diyos. Noon, buong-puso akong nanampalataya at sumunod sa diyos, pero hindi ako pinagpala ng diyos. Sa halip, naghanda siya ng mga ganoong kapaligiran para pahirapan ako at para magkamali ako. Hindi talaga tumutugma ang sinasabi ng diyos sa ginagawa niya, kaya hindi na ako naglalakas-loob na manampalataya sa diyos! Napakahangal ko noon. Nagawa kong talikuran, gugulin ang sarili ko, at magtiis ng napakaraming paghihirap para sa diyos, pero wala akong nakitang proteksiyon mula sa diyos nang maaresto at mausig ako ng malaking pulang dragon. Ang negosyo ng pamilya ko ay hindi rin naging kasing-unlad ng sa iba, hindi ako kumita ng kasingdami ng iba, at nanatiling may sakit ang mga magulang ko. Wala akong nakamit mula sa pananampalataya sa diyos sa loob ng napakaraming taon. Hindi ba't sinabi ng diyos na lubos niyang pagpapalain ang mga tao? Anong mga pagpapala ang natanggap ko mula sa diyos? Hindi naman talaga natupad ang mga salita ng diyos, kaya hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman!" Ang pahayag na "Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman!" ay may napakaraming nilalaman. Puno ito ng mga reklamo, kawalang-kasiyahan, at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Sa madaling salita, matapos nilang magtiis ng paghihirap at gumugol ng kanilang sarili nang may mentalidad na puno ng pag-iilusyon, hindi sila pinagkalooban ng Diyos ng mga pagpapala nang ayon sa mga hinihingi nila, hindi rin sila sinuklian o ginantimpalaan ng Diyos ayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon nila, kaya hindi sila nasisiyahan at puno sila ng sama ng loob sa Diyos, at sa ilalim ng mga gayong kalagayan na nasabi nila ang pangungusap na ito. Hindi lumitaw ang pangungusap na ito kung saan lang; sa oras na sinabi nila ito, marami na silang naipakitang pag-uugali at pagpapamalas at nabunyag na sila. Ano ang problema sa ugnayan ng mga gayong tao sa Diyos? Ano ang pinakamalaking isyu sa ugnayan nila sa Diyos? Ito ay na hindi talaga nila kailanman itinuring ang sarili nila bilang isang nilikha at ni katiting ay hindi nila kailanman itinuring ang Diyos bilang ang Lumikha na dapat sambahin. Mula pa sa simula ng pananampalataya nila sa Diyos, tinrato na nila ang Diyos bilang isang punongkahoy ng pera, isang baul ng kayamanan; itinuring nila Siya bilang isang Bodhisattva na magliligtas sa kanila mula sa pagdurusa at sakuna, at itinuring ang sarili nila bilang tagasunod ng Bodhisattva na ito, ng idolong ito. Inisip nila na ang pananampalataya sa Diyos ay tulad ng paniniwala sa Buddha, na basta't kumakain sila ng gulay, nagbibigkas ng mga kasulatan, at madalas na nagsisindi ng

insenso at yumuyukod, makukuha nila ang gusto nila. Kaya, ang lahat ng kuwento na nangyari pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos ay naganap sa loob ng saklaw ng mga kuru-kuro at imahinasyon nila. Wala silang ipinakitang anumang pagpapamalas ng isang nilikha na tumatanggap sa katotohanan mula sa Lumikha, ni wala silang ipinakitang anumang pagpapasakop na dapat taglayin ng isang nilikha tungo sa Lumikha; mayroon lang patuloy na paghingi, patuloy na pagkalkula, at walang tigil na paghiling. Sa huli, humantong ang lahat ng ito sa pagkasira ng ugnayan nila sa Diyos. Ang ganitong uri ng ugnayan ay transaksiyonal at hindi kailanman magiging matatag; darating ang panahon na tuluyang mabubunyag ang mga gayong tao. Kahit pa makilahok sila sa buhay iglesia, hindi magpakalat ng mga kuru-kuro, at paminsan-minsang makipagbahaginan tungkol sa kung paano sila inakay ng Diyos, kung paano sila pinagpala ng Diyos, kung ano ang tinamasa nila, at iba pa, karamihan sa pinag-uusapan nila ay tungkol sa biyaya, kaligayahan, at mga pakinabang sa laman na natanggap nila mula sa Diyos. Ang mga diskusyong ito ay ganap na walang kaugnayan sa katotohanan at sa pagpapasakop sa Diyos, at ganap na walang anumang katotohanang realidad ang mga ito. Kapag paborable ang mga kalagayan, nagpapakita sila ng pananalig sa Diyos at pagmamahal sa Kanya, at pagtitiis at pagpapasensiya sa iba, lahat ng ito ay para makamit ang isang layon: para makamit ang lahat ng pagpapala ng Diyos. Kapag inaalis ng Diyos ang biyaya, mga pakinabang, at mga materyal na bentahang kanilang tinamasa, nabubunyag ang mga kuru-kuro nila. Ang mga taong ito, na nauudyukan ng pansariling interes at inuuna ang personal na pakinabang, ay nagagalit nang husto sa sandaling hindi nila natatanggap ang ninanais nila; nagsisimula silang magpakalat ng mga kuru-kuro para ibulalas ang kawalang-kasiyahan nila sa Diyos, habang sinusubukan ding himukin ang mas maraming tao na makisimpatya sa kanila at tanggapin ang mga kuru-kuro nila tungkol sa Diyos. Dapat bang pigilan at limitahan ang mga gayong tao? (Oo.) Hindi sumasalamin sa ganap na pagkaarok sa katotohanan ang mga paksa, kaisipan, at pananaw na pinagbabahaginan nila, ni tumutulong sa mga tao na magpasakop sa Diyos at magkaroon ng tunay na pananalig sa Kanya. Sa halip, inilalayo ng mga ito ang mga tao mula sa Diyos, nagdudulot ang mga ito ng mga maling pagkaunawa, ng pagiging mapagbantay, at maging ng pagtatakwil sa Diyos, at nagdudulot sa mga nakikinig sa mga kuru-kurong ipinapakalat ng mga taong ito na tahimik na magbigay ng babala sa kanilang sarili, “Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman,” gaya nila. Ito ang kaguluhang dulot sa iba ng mga kuru-kurong ipinapakalat ng mga gayong tao.

2. Pagpapakalat ng mga Kuru-kuro Tungkol sa mga Salita at Gawain ng Diyos

Ang mga taong ito na nagpapakalat ng mga kuru-kuro ay gumagamit ng sarili nilang mga kuru-kuro para sukatin ang mga salita ng Diyos, ang gawain ng Diyos, pati na rin ang diwa at disposisyon ng Diyos. Nananampalataya sila sa Diyos sa loob ng mga kuru-kuro nila, tinitingnan ang Diyos sa loob ng mga kuru-kuro nila, at pinagmamasdan at sinisiyasat nila ang bawat salitang sinasabi ng Diyos, ang bawat aytem ng gawaing

ginagawa ng Diyos, at ang bawat kapaligirang inihahanda ng Diyos sa loob ng mga kuru-kuro nila. Kapag umaayon ang ginagawa ng Diyos sa mga kuru-kuro nila, pinupuri nila nang malakas ang Diyos, sinasabing matuwid ang Diyos, tapat ang Diyos, at banal ang Diyos. Kapag hindi umaayon ang ginagawa ng Diyos sa mga kuru-kuro nila, at nagdurusa ng labis na kawalan ang mga interes nila, at nagtitiis sila ng matinding pasakit, kumikilos sila para itanggi ang mga salitang sinasabi ng Diyos at ang gawaing ginagawa Niya; nagpapakalat pa nga sila ng mga kuru-kuro para hikayatin ang mas maraming tao na magkaroon ng maling pagkaunawa at maging mapagbantay laban sa Diyos, sinasabi nila, “Huwag basta-bastang maniwala sa mga salita ng diyos, at huwag ding basta-bastang isagawa ang mga salita ng diyos; kung hindi, kung masasamantala ka at magdurusa ka ng mga kawalan, walang mananagot para dito,” at iba pa. Halimbawa, sabi ng Diyos, “Sa inyong taos-pusong gumugugol para sa Akin, tiyak na labis Ko kayong pagpapalain”—hindi ba’t ang mga salitang ito ay ang katotohanan? Ang mga salitang ito ay isandaang porsiyentong ang katotohanan. Wala itong pagkamainitin ng ulo o panlilinlang. Hindi mga kasinungalingan o mga ideyang matayog pakinggan ang mga ito, lalong hindi isang uri ng espirituwal na teorya ang mga ito—ang mga ito ay ang katotohanan. Ano ang diwa ng mga salitang ito ng katotohanan? Ito ay na dapat kang maging taos-puso kapag ginugol mo ang sarili mo para sa Diyos. Ano ang ibig sabihin ng “taos-puso”? Kusang-loob at walang halong dumi; hindi nauudyukan ng pera o kasikatan, at tiyak na hindi para sa sarili mong mga intensyon, pagnanais, at layon. Ginugugol mo ang sarili mo hindi dahil pinilit ka, o dahil nahikayat, nakumbinsi, o nahatak ka, sa halip, nagmumula ito sa loob mo, nang kusang-loob; bunga ito ng konsensiya at katwiran. Ito ang ibig sabihin ng pagiging taos-puso. Sa usapin ng pagiging handang gumugol ng sarili para sa Diyos, ito ang kahulugan ng pagiging taos-puso. Kung gayon, paano naipapamalas ang pagiging taos-puso sa mga praktikal na paraan kapag gumugugol ka ng sarili mo para sa Diyos? Hindi ka nagsisinungaling o nandaraya, hindi ka nanlalansi para makaiwas sa gawain, at hindi mo ginagawa ang mga bagay nang pabasta-basta; inilalaan mo ang buong puso at isipan mo, ginagawa ang lahat ng makakaya mo, at iba pa—masyadong marami ang detalye rito! Sa madaling salita, ang pagiging taos-puso ay kinapapalooban ng mga katotohanang prinsipyo. May pamantayan at prinsipyo sa likod ng mga hinihingi ng Diyos sa tao. Sinasabi ng ilang tao, “Kung ihahandog ko ang pagiging taos-puso ko at ang lahat ng kakarampot na ipon ko sa pananampalataya sa diyos, magkakamit ba ako ng higit pa? Kung magkakamit ako ng higit pa, sulit na ihandog ang lahat!” Pagkatapos nilang maghandog, nakikita nilang hindi sila pinagpapala ng Diyos at pinagbubulayan nila ito, iniisip nila: “Marahil hindi pa sapat ang inihandog ko, kaya maghahandog ako ng higit pa. Lalabas ako at ipapangaral ko ang ebanghelyo.” Kapag nakakaranas sila ng mga paghihirap habang nangangaral ng ebanghelyo, nagdarasal sila. Minsan, kapag hindi sila nakakakain o nakakatulog nang maayos, patuloy pa rin sila sa pagdarasal. Iniisip nila, “Sinabi ng Diyos na ang mga taong taos-pusong gumugugol ng sarili nila para sa Diyos ay tiyak na labis

na pagpapalain. Siguro ay hindi pa sapat ang pagiging taos-puso ko, kaya mas magdarasal pa ako.” Sa pagdarasal, nagkakamit sila ng pananalig at hindi nila alintana ang pagtitiis ng kaunting paghihirap. Nagsisimula talaga silang makakita ng ilang resulta mula sa pangangaral ng ebanghelyo at iniisip nila: “Ngayon ay medyo taos-puso na ako. Magmamadali akong umuwi para tingnan kung gumanda na ba ang buhay ng pamilya ko, kung gumaling na ba ang sakit ng anak ko, at kung maayos na ba ang takbo ng negosyo ng pamilya ko—kung may mga pagpapala ba mula sa diyos o wala.” Ito ba ay taos-pusong paggugol ng sarili para sa Diyos? (Hindi.) Ano ito? (Isang transaksiyon.) Ito ay paggawa ng kasunduan sa Diyos. Ginagamit nila ang sarili nilang mga pamamaraan at ang itinuturing nilang pagiging “taos-puso” na batay sa mga kuru-kuro nila para gawin ang gusto nila, at para matamo ang ninanais nila mula roon. Patuloy nilang ginagamit ang pagiging “taos-puso” na nauunawaan nila para patunayan ang mga salitang ito na sinabi ng Diyos, palaging inuusisa kung ano ba ang balak na gawin ng Diyos, kung ano na ang Kanyang nagawa, at ano ang hindi pa Niya nagagawa, at palagi nilang hinuhulaan kung pagpapalain ba sila ng Diyos o hindi, at kung nais ba Niyang pagpalain sila nang lubos. Patuloy nilang kinakalkula ang inihandog nila at kung gaano karami ang dapat nilang makamit, kung ibinigay na ba iyon ng Diyos sa kanila at kung natupad na ba ang mga salita ng Diyos. Palagi silang naghahanap ng mga katunayan para masubok ang pahayag ng Diyos. Habang ginugugol ang sarili nila para sa Diyos, palagi nilang gustong patunayan kung totoo ba ang mga salita ng Diyos. Ang layon nila ay alamin kung makakamit nila ang mga pagpapala ng Diyos sa pamamagitan ng paggugol ng sarili nila para sa Diyos. Palagi nilang sinusubok ang Diyos, palaging gustong makita ang mga pagpapala ng Diyos sa kanila para makumpirma ang Kanyang mga salita. Kapag nakita nila na hindi madaling natutupad ang mga salita ng Diyos gaya ng inakala nila, at mahirap patunayan ang pagiging totoo ng mga salita ng Diyos, lalo pang lumulubha ang mga kuru-kuro nila tungkol sa Diyos. Kasabay nito, nagsisimula silang maniwala nang husto na hindi lahat ng salitang sinasabi ng Diyos ay tiyak na ang katotohanan. Dahil nakatago ito sa puso nila, sinisimulan nilang pagdudahan at kuwestiyunin ang Diyos, madalas silang nagkakaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Kanya. Paminsan-minsan, ang mga taong ito, na puno ng mga kuru-kuro ang puso, ay nagbubunyag ng ilang kuru-kuro nila tungkol sa Diyos habang namumuhay ng buhay iglesia at nakikisalamuha sa mga kapatid. Nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro tungkol sa mga salita ng Diyos at ginagamit din nila ang mga kuru-kuro nila para sukatin ang gawain ng Diyos. Kapag ang gawain ng Diyos ay palaging hindi umaayon sa mga kuru-kuro nila at ganap na taliwas sa mga inaasahan nila, ipinapakalat nila ang mga kuru-kuro nila para ibulalas ang kawalang-kasiyahan nila sa Diyos. Halimbawa, sinasabi ng Diyos na malapit nang matapos ang Kanyang gawain, at dapat talikuran ng mga tao ang lahat ng bagay para sumunod sa Diyos at gugulin ang sarili nila para sa Kanya, makipagtulungan sa gawain ng Diyos, at huwag nang maghangad ng mga makamundong kinabukasan, ng isang matiwasay na sambahayan, at iba pang mga gayong bagay.

Pagkatapos sabihin ng Diyos ang mga salitang ito, patuloy na gumagawa ang Diyos ng maraming gawain. Lumilipas ang tatlo, lima, pito, o walong taon, at nakikita ng ilang tao na tuloy-tuloy pa ring umuusad ang gawain ng Diyos, nang walang mga senyales na malapit nang matapos ang Kanyang gawain o na parating na ang malalaking kalamidad at nakasumpong na ng kanlungan ang lahat ng mananampalataya. Iyong mga gumagamit ng mga kuru-kuro nila para sukatin ang gawain ng Diyos ay hindi na makapaghintay na matapos agad ang gawain ng Diyos para makabahagi ang mga mananampalataya sa magagandang pagpapala ng Diyos. Pero hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan; hindi Niya isinasakatuparan ang usaping ito ayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao. Iyong mga hindi makapaghintay ay hindi mapakali at nagsisimulang mag-alinlangan, sinasabi nila: “Hindi ba’t malapit nang matapos ang gawain ng diyos? Hindi ba’t dapat ay matapos na ito sa madaling panahon? Hindi ba’t sinabi ng diyos na parating na ang malalaking kalamidad? Bakit gumagawa pa rin ng napakaraming gawain ang sambahayan ng diyos? Kailan ba mismo matatapos ang gawain ng diyos? Kailan ba ito magwawakas?” Ang mga taong ito ay wala ni katiting na interes sa katotohanan o sa mga hinihingi ng Diyos. Wala silang interes sa pagsasagawa ng katotohanan, pagpapasakop sa Diyos, o pagtakas mula sa impluwensiya ni Satanas para makamit ang kaligtasan. Partikular lang silang interesado sa mga bagay tulad ng kung kailan matatapos ang gawain ng Diyos, kung buhay o kamatayan ba ang kalalabasan nila, kung kailan sila makakapasok sa kaharian para magtamasa ng mga pagpapala, at kung ano ang magiging hitsura ng magagandang tanawin ng kaharian. Ang mga ito ang pinakainaalala nila. Samakatwid, pagkatapos magtiis sa loob ng ilang panahon at makita na hindi pa rin nagbabago ang langit at lupa, at na nagpapatuloy nang normal ang mga bansa sa mundo, sinasabi nila, “Kailan ba magkakatotoo ang mga salitang ito ng diyos? Ilang taon na akong naghihintay—bakit hindi pa nagkakatotoo ang mga ito? Talaga bang magkakatotoo ang mga salita ng diyos? Tapat ba ang diyos sa kanyang salita o hindi?” At kaya ang mga taong ito ay nawawalan ng pasensiya, hindi mapakali, at nagsisimulang maghanap ng mga pagkakataong bumalik sa mundo para mamuhay ng sarili nilang mga buhay.

Ang gawain ng Diyos at ang mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos ay palaging lampas sa mga imahinasyon ng tao at palaging higit pa sa mga kuru-kuro ng tao. Gaano man subukan ng mga tao, hindi nila maarok o masukat ang mga ito. Hindi nila alam kung ano eksakto ang mga pamamaraan ng gawain ng Diyos o kung ano ang mga layon na nais nitong makamit, kaya sa huli, nagsisimula nang magduda ang ilang tao: “Talaga bang umiiral ang diyos? Nasaan ba talaga ang diyos? Patuloy na nagpapahayag ang diyos ng mga katotohanan, pero hindi ba’t masyado nang marami ang kanyang ipinapahayag? Hindi ba’t sinabi ng diyos na dadalhin niya tayo sa kaharian niya? Kailan ba tayo makakapasok sa kaharian ng langit? Paanong hindi pa nagkakatotoo o natutupad ang mga bagay na ito? Ilang taon pa kaya ang bibilangin? Palaging sinasabi na nalalapit na ang araw ng diyos, pero ilang taon nang binabanggit ang ‘nalalapit na’ na ito—bakit napakalayo pa nito at tila walang katapusan?” Hindi lang sila nag-iisip sa

ganitong paraan, kundi ipinapakalat pa nila ang mga pagdududang ito kung saan-saan. Anong problema ang ipinapahiwatig nito? Bakit, pagkatapos makinig sa napakaraming sermon, hindi pa rin nila nauunawaan ang katotohanan kahit kaunti? Bakit palagi nilang ginagamit ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao para limitahan ang gawain ng Diyos? Bakit hindi nila magawang tingnan ang mga bagay na ito ayon sa mga salita ng Diyos? Makukumpirma ba nila ang pag-iral ng Diyos at makakapagtukoy ba sila ng landas tungo sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos? Nauunawaan ba nila na ang lahat ng salitang ito na sinasabi ng Diyos at ang lahat ng Kanyang ginagawa ay para iligtas ang mga tao? Nauunawaan ba nila na tanging sa pagkamit sa katotohanan at kaligtasan maaaring makamit ng mga tao ang lahat ng pagpapalang ipinangako ng Diyos sa sangkatauhan? Batay sa mga sinasabi nila at sa mga kuru-kurong ipinapakalat nila, malinaw na hindi nila nauunawaan sa diwa kung ano ba talaga ang ginagawa ng Diyos o kung ano ba talaga ang layon ng Diyos sa paggawa sa lahat ng gawaing ito at sa pagsasabi sa lahat ng salitang ito. Sadyang sila ay mga hindi mananampalataya! Matapos makinig sa mga sermon sa loob ng napakaraming taon at iraos lang ang mga bagay sa loob ng sambahayan ng Diyos nang napakaraming taon, ano ba ang nakamit nila? Hindi pa nga nila nakukumpirma kung umiiral ba ang Diyos, wala silang tiyak na sagot dito. Anong papel ba ang ginagampanan nila sa iglesia? Matapos magtrabaho nang ilang sandali nang hindi nagkakamit ng mga pagpapala, walang konsensiya silang nagpapakalat ng mga kuru-kuro para ilihis at guluhin ang iba. Ang mga bagay na kaswal nilang sinasabi ay mga paghusga laban sa Diyos at sa Kanyang gawain. Sinasabi ng ilan sa kanila, “Inakala ko noon na matatapos ang gawain ng diyos sa loob ng tatlo hanggang limang taon; hindi ko inasahan na hindi pa rin ito matatapos kahit sampung taon na ang lumipas. Kailan matatapos ang gawaing ito? Patuloy na isinusulat ang mga artikulo ng patotoo; patuloy ang paggawa ng mga video ng mga pagtatanghal ng himno at mga pelikula; patuloy na ipinapangaral ang ebanghelyo—kailan ito matatapos?” Tinanong pa nila ang iba: “Hindi ba’t ganito rin ang naiisip ninyo? Buweno, kahit ano pa ang iniisip ninyo, ganoon ang iniisip ko. Isa akong matapat na tao; sinasabi ko ang anumang nasa isipan ko, hindi tulad ng ilang tao na hindi sinasabi ang nasa isipan nila, at kinikimkim lang nila ang lahat ng ito.” Sobrang “matapat” naman pala nila, ang lakas ng loob nilang sabihin ang kahit ano! Ang mas malala pa, sinasabi nila, “Kung hindi pa matatapos agad ang gawain ng diyos, maghahanap na lang ako ng trabaho, kikita ng kaunting pera, at mamumuhay ng sarili kong buhay. Sa lahat ng taon na ito ng pananampalataya sa diyos, napalampas ko ang napakaraming masarap na pagkain, magandang lugar, at materyal na kasiyahan! Kung hindi ako nanampalataya sa diyos, nakatira na sana ako sa isang mansiyon, may sariling kotse, at marahil ay nalibot ko na ang mundo nang ilang beses sa mga nagdaang taon. Kung magbabalik-tanaw ako, maganda naman ang buhay noong hindi pa ako nananampalataya sa diyos; napakasaya ko noon. Kahit medyo walang kabuluhan ito, natatamasa ko ang mga kasiyahan ng laman, nakakakain at nakakainom ako nang maayos, at nagagawa ko ang

anumang gusto ko, nang walang anumang mga limitasyon. Sa mga taon na ito ng pananampalataya sa diyos, nagdusa ako nang husto, at masyado akong naging malupit sa sarili ko! Bagama't nakamit ko ang kaunting katotohanan at mas nararamdaman ko ang kaunting kapanatagan sa puso ko, hindi mapapalitan ng mga katotohanang ito ang mga kasiyahan ng laman na iyon! Bukod dito, hindi kailanman natatapos ang gawain ng diyos, at hindi kailanman nagpapakita ang diyos sa mga tao, kaya hindi ko kailanman nararamdaman ang tunay na kapanatagan. Sinasabi nilang ang pag-unawa at pagkamit sa katotohanan ay nagdadala ng kapayapaan at kagalakan, pero ano ang silbi ng pagkakaroon ng kapayapaan at kagalakan? Wala pa rin akong kasiyahan ng laman!" Napakaraming beses nang sumagi sa isipan nila ang mga kaisipang ito, at inulit-ulit na nila ang mga ito sa sarili nila nang maraming beses. Kapag naniniwala silang may sapat na katwiran ang mga kuru-kuro nila para makapanindigan at nararamdaman nilang tama na ang panahon at sapat na ang kalipikasyon nila para hanapan ng kung ano-anong kapintasan ang gawain ng Diyos, hindi nila mapigilang ipakalat ang mga komento at kuru-kurong binanggit sa itaas. Ipinapakalat nila ang kawalang-kasiyahan nila sa Diyos at ang mga kuru-kuro at maling pagkaunawa nila tungkol sa gawain ng Diyos, sinusubukan nilang ilihis ang mas maraming tao para magkaroon ng maling pagkaunawa sa Diyos at sa Kanyang gawain. Siyempre, may ilan ding may mga lihim na motibo na gustong pigilan ang mas maraming tao na igugol ang sarili nila para sa Diyos, gusto nilang talikuran ng mga ito ang mga kasalukuyang tungkulin ng mga ito at itakwil ang Diyos; kung mabubuwag ang iglesia, para sa kanila ay ito ang pinakamainam na bagay sa lahat. Ano ang layon nila? "Kung hindi ako magkakamit ng mga pagpapala, wala ring sinuman sa inyo ang dapat na umasa pa. Guguluhin ko ang mga bagay-bagay para sa inyong lahat para wala sa inyo ang magkaroon ng pag-asa na makamit ang katotohanan o ang mga pagpapalang ipinangako ng diyos!" Dahil wala silang nakikitang pag-asa na magkakamit sila ng mga pagpapala, nawawalan na sila ng pasensiya na maghintay pa nang mas matagal. Hindi nila mismo nakakamit ang mga pagpapala, at ayaw rin nilang makamit ng iba ang mga ito. Samakatwid, kapag nagpapakalat sila ng mga kuru-kuro, sa isang banda ay ibinubulalas nila ang kawalang-kasiyahan nila, nagrereklamo sila na walang anumang aspekto ng gawain ng Diyos ang umaayon sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, at na ang pamamaraan ng Diyos sa paggawa ay walang pagsasaalang-alang sa mga damdamin ng mga tao. Kasabay nito, gusto nilang ilihis at himukin ang mas maraming tao na magkamali ng pagkaunawa at magreklamo tungkol sa Diyos, magkaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at mawalan ng pananalig. Gusto nilang mas maraming tao ang tumalikod sa Diyos dahil sa mga maling pagkaunawa at kuru-kuro nila tungkol sa Kanya, tulad ng ginagawa nila.

B. Paano Tratuhin ang mga Taong Nagpapakalat ng mga Kuru-kuro

Ano ang nagiging mga kahihinatnan kapag may isang tao sa iglesia na nagpapakalat ng mga kuru-kuro at kawalang-kasiyahan sa Diyos? Direkta ba itong nakakaapekto sa

mga resulta ng buhay iglesia? Nakakagulo ba ito sa normal na buhay iglesia at sa gawain ng iglesia? (Oo.) Nakakaapekto ito sa pananalig ng mga tao sa Diyos at sa abilidad nilang gumawa ng mga tungkulin nila nang normal. Samakatwid, kailangang limitahan ang mga nagpapakalat ng mga kuru-kuro. Kahit pa paminsan-minsan lang nilang binabanggit ang mga gayong bagay, kailangan silang limitahan at kilatisin; alamin kung anong uri ng pagkatao ang mayroon sila, kung ang pagpapakalat nila ng mga kuru-kuro ay dulot ba ng pansamantalang pagkanegatibo at kahinaan o kung dahil ba ito sa isang isyu sa kalikasang diwa nila—kung palagi ba silang hindi naghahangad ng katotohanan at sadyang nagpapakalat ng mga kuru-kuro para ilihis ang mas maraming tao at guluhin at pinsalain ang buhay iglesia. Kung ito ay paminsan-minsang pagkanegatibo at kahinaan lang, sapat nang suportahan at tulungan sila sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan. Kung hindi nila pakikinggan ang payo at patuloy silang magpapakalat ng mga kuru-kuro at manggugulo sa buhay iglesia—na nagiging sanhi pa nga na maging negatibo at mahina ang iba, na nakakaapekto sa abilidad ng mga ito na gawin nang normal ang mga tungkulin ng mga ito—nangangahulugan iyon na mga alipin sila ni Satanas at dapat silang paalisin ayon sa mga prinsipyo. Bakit hindi na lang sila bigyan ng isa pang pagkakataon? Sa tingin ninyo, ang mga gayong tao ba ay mga hindi mananampalataya? (Oo.) Anuman ang pagkatao nila, ang mga gayong tao ay mga hindi mananampalataya. Ang mga hindi mananampalataya ay tulad ng mga mapanirang damo sa gitna ng trigo—dapat silang bunutin. Kung nagpapakita lang sila ng ilang pagpapamalas ng mga hindi mananampalataya at hindi sila nagdulot ng mga kaguluhan sa buhay iglesia, at kaya pa rin nilang magsilbi bilang mga kaibigan ng iglesia at magserbisyo, puwede silang hayaan. Pero iyong mga palaging nagpapakalat ng mga kuru-kuro ay palaging nagpapahayag ng mga pananaw at komento ng mga hindi mananampalataya. Hindi sila kaswal na nagsasabi ng mga bagay-bagay; ang layon nila ay mang-udyok, manlihis, at manghimok ng mas maraming tao na lumayo sa Diyos. Ang intensyon nila ay: “Kung hindi ako magkakamit ng mga pagpapala, hindi na ako mananampalataya. Wala sa inyo ang dapat umasa na magkakamit kayo ng mga pagpapala, at hindi rin kayo dapat manampalataya! Kung patuloy kayong mananampalataya, paano kung magpursige kayo at sa huli ay magkamit kayo ng mga pagpapala balang araw—hindi ba’t malalagay ako niyon sa alanganin? Kapag nagkagayon, paano mapapanatag ang kalooban ko? Hindi puwede iyon. Para maiwasan ang pagsisisi sa hinaharap, guguluhin ko kayo at sisirain ko ang pananalig ninyo, uudyukan ko kayong lumayo sa diyos, ipagkanulo ang diyos, at lisanin ang iglesia kasama ko—iyon ang pinakamainam.” Ito ang layon nila. Hindi ba’t dapat na paalisin ang mga gayong hindi mananampalataya? (Oo.) Dapat silang paalisin. Kung may ilang hindi mananampalataya na tumigil sa pananampalataya, babawiin lang ng iglesia ang mga aklat nila ng mga salita ng Diyos at aalisin na sila sa listahan. May ibang mga hindi mananampalataya na may kaunting positibong damdamin tungkol sa pananampalataya sa Diyos at sa mga mananampalataya. Hindi sila

gumaganap ng positibong papel sa iglesia; paminsan-minsan lang silang tumutulong bilang mga kaibigan ng iglesia. Ang mga gayong tao, kahit na hindi sila naghahangad sa katotohanan o nakikipagbahaginan sa katotohanan, ay hindi nagpapakalat ng mga kuru-kuro o nanggugulo sa buhay iglesia. Hangga't kaya nilang magserbisyo nang kaunti, dapat silang payagang manatili sa iglesia at hindi sila kailangang paalisin. Gayumpaman, para naman sa mga hindi mananampalataya na palaging nagpapakalat ng mga kuru-kuro, hindi talaga sila dapat kaawaan. Ipinapakalat nila ang mga kuru-kuro at maling pagkaunawa nila tungkol sa Diyos, ginugulo nila ang buhay iglesia at nagdudulot sila ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Ang mga hindi mananampalatayang ito ay mga alipin ni Satanas. May mga kuru-kuro sila; gayumpaman, hindi lang nila hindi hinahanap ang katotohanan para malutas ang mga ito, kundi ipinapakalat pa nga nila ang mga kuru-kuro nila para ilihis ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ipinagkakanulo nila ang Diyos at gusto nilang hilahin ang ilan pang tao patungo sa kapahamakan kasama nila. Sa ganitong mga uri ng layunin nila ginugulo ang gawain ng iglesia. Mapapatawad ba sila ng Diyos? Hindi, hindi sila dapat palampasin. Hindi ito isang usapin ng pangangailangan na limitahan o ibukod sila; dapat silang alisin at tanggalin sa listahan magpakailanman, at hindi dapat maging maluwag sa kanila anuman ang mangyari!

Sa iglesia, ang ilang tao ay hindi kailanman naghahangad sa katotohanan at hindi kailanman nakakaunawa kung paano gumagawa ang Diyos para iligtas ang mga tao. Matapos makaranas ng ilang bagay, nagkakaroon sila ng mga maling pagkaunawa, paglaban, at reklamo sa Diyos; ang ilan sa mga bagay na sinasabi at ginagawa nila ay nagsisilbing pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Ang mga kuru-kurong ipinapakalat nila ay hindi lang mga simpleng paglihis sa pagkaarok sa mga salita at gawain ng Diyos, o mga maling pagkaunawa tungkol sa Diyos. Mas malubha ang ilan, direktang itinatanggi na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan—lubos nilang hinuhusgahan at kinokondena ang Diyos. At ang ibang mga kuru-kurong ipinapakalat nila ay hayagan pa ngang nambabatikos at lumalapastangan sa Diyos. Hindi nila hinihimay o sinusubukang maunawaan ang sarili nilang katiwalian at paghihimagsik nang may pusong mapagpasakop, tumitindig mula sa perspektiba ng isang nilikha o tagasunod ng Diyos, ni hindi nila tinatanggap ang katotohanan at hindi sila nakikipagbahaginan tungkol sa pagkaunawa nila sa gawain ng Diyos at sa pagkaarok nila sa Kanyang mga layunin. Ang mga kuru-kurong ipinapahayag nila ay eksaktong kabaligtaran ng mga positibong pagkaunawang ito. Kapag naririnig ng iba ang mga kuru-kuro nila, hindi sila nagkakamit ng pagkaunawa sa Diyos, ni hindi sila nagkakaroon ng tunay na pananalig, at siyempre, hindi rin lumalago ang pananalig nila sa Diyos. Sa halip, ang pananalig nila sa Diyos ay nagiging malabo, humihina, o lubos nang nawawala. Kasabay nito, nagiging malabo sa kanila ang pangitain ng gawain ng Diyos. Habang mas nakikinig ang mga tao sa mga kuru-kurong ipinapakalat nila, lalong naguguluhan ang puso ng mga taong ito, maging hanggang sa puntong hindi na malinaw sa kanila kung bakit sila dapat manampalataya sa Diyos, at nagsisimula silang magduda

kung umiiral ba ang Diyos. Kung ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, kung ang mga salita at gawain ng Diyos ay makapagdadalisay at makapagliligtas sa mga tao, at iba pang mga gayong usapin—nagiging malabo at kaduda-duda sa mga taong ito ang lahat ng ito. Kapag naririnig ng mga tao ang mga kuru-kuro at maling pagkaunawang ipinapakalat ng mga gayong indibidwal, nagsisimula silang magduda at maging mapagbantay laban sa Diyos; sinisimulan nilang limitahan ang Diyos sa puso nila, nagkakaroon sila ng mga maling pagkaunawa at reklamo laban sa Diyos, at lumalayo pa nga ang loob nila sa Diyos. Napakalaking problema nito. Sa sandaling magkaroon sila ng ganitong mga negatibong kaisipan, pananaw, plano, at disenyo, nagiging malinaw na ang mga impormasyon at komentong kanilang tinanggap ay hindi naaayon sa mga pangangailangan ng normal na pagkatao, at lalo na sa katotohanan—isandaang porsiyentong tiyak na nagmula kay Satanas ang mga ito. Anuman ang mga intensyon o motibo ng mga nagpapakalat ng mga kuru-kuro, kung sinasadya man nila o hindi na magpakalat ng mga panlilinlang at walang batayang tsismis, basta't nakakapagdulot sila ng masamang epekto sa iglesia, dapat silang limitahan. Siyempre, kung matutuklasan at makikilatis ang mga gayong tao sa labas ng buhay iglesia, dapat din silang pigilan at limitahan kaagad. Kung ang isang taong nakakaunawa sa katotohanan ay makakagamit sa mga salita ng Diyos o sa sarili niyang pagkaunawa para pabulaanan at ilantad iyong mga nagpapakalat ng mga gayong bagay, tinutulungan ang mga kapatid na makilatis ang mga ito, mas lalong mainam ito. Ito ay paglaban kay Satanas. Kung wala kang tayog, dapat kang matutong kumilatis at umiwas sa kanila. Kung may tayog ka, dapat mo silang ilantad. May lakas ba kayo ng loob na gawin ito? Alam ba ninyo kung paano ito gawin? Ito ang pinakanagbubunyag kung taglay ba ng isang tao ang katotohanang realidad. Kapag naririnig ng ilang bagong mananampalataya ang mga kuru-kuro at maling pagkaunawang ipinapakalat ng mga gayong tao tungkol sa Diyos, nagugulat sila at sinasabi nila, "Paano nagagawa ng isang taong nananampalataya sa Diyos na magsalita nang ganito?" Kung maririnig ng mga taong walang pundasyon ang mga kuru-kuro at panlilinlang na ito, magiging negatibo at mahina ba sila? Tatanggapin ba nila ang mga panlilinlang na ito? Malilihis ba sila at lilisanin ba nila ang iglesia? Posible ang lahat ng ito. Kapag sinabi ng isang taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro, "Hinding-hindi na ulit ako mananampalataya sa diyos kailanman," anuman ang kalagayan niya noong sinabi niya ito, ipinapahiwatig nito na ganap na siyang nawalan ng pananalig sa Diyos at isa na siyang hindi mananampalataya. Anuman ang layon niya sa pagpapakalat ng mga gayong salita, magkakamit ka ba ng anumang pagpapatibay mula sa pakikinig sa mga iyon? (Hindi.) Kapag mahina ka at narinig mo ang mga salitang ito, maaaring maramdaman mo, "Nauunawaan ng taong ito ang kirot na nadarama ko; kapag tinatalakay niya ang mga kuru-kuro niya, parang binibigyang-boses niya ang mga kaloob-looban kong kaisipan." Gayumpaman, kung maririnig ang mga ito ng isang taong may pananalig, iisipin nito, "Labis itong mapaghimagsik! Paano nagagawang sabihin ang mga gayong salita? Hindi ba't paglapastangan ito sa Diyos? Hindi ako mangangahas na

sabihin ang mga gayong bagay, dahil sumasalungat ito sa disposisyon ng Diyos!" Ang katunayang nagagawa niyang ipakalat ang mga kuru-kurong ito ay nagpapahiwatig na matagal nang nabuo at nag-ugat na sa puso niya ang mga ideyang ito. Kung ang mga gayong ideya ay nagsisimula pa lang mabuo at nasa yugto pa ng pag-usbong, at hindi pa ganap na nagiging mga kuru-kuro, hangga't hindi niya ito binibigkas at hindi siya nanlihis o nanggulo ng iba, ipinapakita nito na mayroon siyang kaunting katwiran; kaya niyang maging maingat sa pagsasalita at sa gayon ay maiwasan ang kahihinatnan na mapaalis. Pero kung magsasalita siya at guguluhin niya ang buhay iglesia, hindi na siya puwedeng pakitaan ng higit pang konsiderasyon; dapat siyang ilantad at paalisin. Ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan at walang kakayahang makaarok sa katotohanan ay madaling magkaroon ng mga kuru-kuro nang madalas. Gayumpaman, iyong mga madalas magbasa ng mga salita ng Diyos at may abilidad na makaarok ay maghahanap sa katotohanan para lutasin ang mga kuru-kuro nila, kahit pa lumitaw ang mga ito. Ibinubunyag at itinitiwalag ng gawain ng Diyos iyong mga madalas magpakalat ng mga kuru-kuro; sila ay mga taong hinding-hindi nagmamahal sa katotohanan at hindi kayang tumanggap sa katotohanan, lahat sila ay tutol sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan. Walang duda ang lahat ng ito.

Sa buhay iglesia sa iba't ibang bansa at lugar, tiyak na umiiral ang isyu ng pagpapakalat ng mga kuru-kuro dahil ang mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan ay laganap saanman. Iyong mga hindi naghahangad sa katotohanan, iyong mga tutol sa katotohanan, iyong mga naghahangad ng kasiyahan ng laman, gayundin ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at iba pa, dahil hindi nila hinahangad ang katotohanan, ay palaging nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa mga salita ng Diyos at sa Diyos na nagkatawang-tao. Ang puso nila ay puno ng mga kuru-kuro, puno ng mga imahinasyon tungkol sa Diyos at ng mga hinihingi sa Kanya, at hindi nila dalisay na maarok at maunawaan ang bawat salitang sinasabi ng Diyos; nauunawaan lang nila ang mga ito batay sa sarili nilang mga kuru-kuro, kagustuhan, at maging sa mga personal nilang pakinabang at kawalan. Ang puso nila ay puno ng iba't ibang kuru-kuro, imahinasyon, at di-makatwirang mga hinihingi sa Diyos, pati na rin ng iba't ibang maling pagkaunawa at paghusga sa Diyos, at iba pa. Samakatwid, natural lang para sa mga taong ito na magpakalat ng mga kuru-kuro—hindi na ito bago. Hangga't umiiral ang mga gayong tao, magaganap paminsan-minsan at maaaring mangyari anumang sandali ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro. Kapag hindi umaayon sa mga kuru-kuro at kahilingan nila ang isang bagay na sinasabi o ginagawa ng Diyos, at kapag napipinsala nito ang mga interes nila, sumasabog sila sa galit at nagsisimulang magsalita para sa kapakanan ng sarili nilang mga interes at makipagtalo sa Diyos at sa Kanyang gawain. Palaging kumokontra sa katotohanan at sa Diyos ang mga taong ito, sinusuri at sinisiyasat ang mga salita ng Diyos, ang disposisyon ng Diyos, at ang gawain ng Diyos. Patuloy nilang sinisiyasat at sinusuri kung tama ba ang mga salita at gawain ng Diyos, at gusto rin nilang makumpirma kung ang nagkatawang-taong laman ng Diyos ay umaayon sa

Kanyang pagkakakilanlan at katayuan. Sa proseso ng pagpapatunay nila, labis silang nahihirapang makakuha ng mga tumpak na sagot; sa tingin nila, lalong napakahirap na matupad at magkatotoo ang mga salita ng Diyos. Samakatwid, marami silang nasasabi kapag nagpapakalat ng mga kuru-kuro. Ipinapakalat nila ang mga kuru-kuro nila anuman ang oras, lugar, o konteksto. Sa tuwing nakakaramdam sila ng kawalang-kasiyahan sa Diyos sa anumang paraan, sinusukat nila ang mga bagay ayon sa mga kuru-kuro nila. Kung hindi umaayon sa mga kuru-kuro nila ang mga salita at gawain ng Diyos, agad silang nagpapahayag ng mga kuru-kuro nila. Inilalarawan natin ang ganitong uri ng pagpapahayag bilang pagpapakalat. Bakit ito tinatawag na “pagpapakalat”? Dahil ang mga bagay na ipinapahayag nila ay walang positibong epekto sa hinirang na mga tao ng Diyos, sa buhay iglesia, o sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa halip, nagdudulot lang ang mga ito ng mga kaguluhan, pagkagambala, at ng pinsala. Samakatwid, tumpak na tawaging “pagpapakalat” ang pagbigkas ng mga gayong komento.

Pagkatapos mong magkamit ng pangunahing pagkilatis tungkol sa isyu ng pagpapakalat ng mga kuru-kuro, dapat mong himayin at kilatisin ang iba’t ibang maling kuru-kuro at komento ng mga tao batay sa katotohanan, at pagkatapos ay pangasiwaan at lutasin mo ang mga ito ayon sa mga regulasyon ng sambahayan ng Diyos. Siyempre, ang mga lider at manggagawa ay may hindi maiiwasang responsabilidad na lutasin ang mga gayong isyu. Kasabay nito, ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos, pagkatapos makinig sa pagbabahaginang ito, ay may obligasyon at responsabilidad ding ilantad at himayin ang mga taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro at ang mga salita at pag-uugali nila. Kung wala kang lakas ng loob na pigilan o limitahan sila, puwede kang makipagbahaginan at makipagdebate sa kanila batay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanang nauunawaan mo. Ano ang layon ng gayong pakikipagdebate? Ito ay para bigyang-kakayahan iyong mga may mababang tayog at walang pagkaunawa sa katotohanan na mapagtanto kung kaninong mga salita ang naaayon sa katotohanan pagkatapos nilang makinig sa debate, sa halip na nakalilitong malihis ng mga kuru-kuro at panlilinlang na ipinapakalat ng ilang tao. Kapaki-pakinabang ito para sa hinirang na mga tao ng Diyos at para sa buhay iglesia. Kapag natuklasan na may isang taong nagsasabi ng mga salitang hindi naaayon sa katotohanan—mga kuru-kuro o panlilinlang man ng tao ang mga ito—dapat magkaroon ng debate. Nakakapagpatibay sa mga tao ang mga gayong debate. Sa pinakamababa, pagkatapos makinig sa mga debateng ito, makikita nang malinaw ng mga nanonood na ang mga salita niyong mga nagpapakalat ng mga kuru-kuro ay talagang mga kuru-kuro nga, at mauunawaan nila kung aling mga aspekto ng mga kuru-kurong ito ang hindi naaayon sa katotohanan, kung ano ang diwa ng mga kuru-kuro, kung bakit hindi tumutugma sa katotohanan ang mga ito, kung bakit inilalarawan bilang mga kuru-kuro ang mga ito, kung bakit dapat limitahan ang mga taong nagpapakalat ng mga ito, at iba pa—nagagawa nilang magkaroon ng tumpak na kabatiran sa mga usaping ito, sa halip na mailihis at mapaglaruan sa magulong paraan. Bagama’t ang mga kuru-kurong ipinapakalat ng mga tao ay maaaring magdulot ng

kaunting kaguluhan at pinsala sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos at sa buhay iglesia, hindi naman talaga masama para sa mga tao ang pagdanas sa mga bagay na ito. Sa pinakamababa, tinutulutan sila nitong lumago sa pagkilatis, makita kung ano ang mga tunay na kulay ng mga nagpapakalat ng mga kuru-kuro, makita kung anong mga disposisyon ang ibinubunyag nila kapag nagpapakalat ng mga kuru-kuro, at makita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kuru-kurong ipinapakalat nila at ng katotohanan. Sa isang banda, makikilatis ng mga tao ang mga komentong ito at magkakaroon sila ng depensa laban sa mga ito. Sa kabilang banda, magkakaroon din sila ng kaunting pagkilatis sa mga gayong tao, at malalaman nila kung anong uri ng mga salita ang sinasabi ng mga hindi mananampalataya, ng mga taong hindi talaga nagtataglay ng anumang katotohanan at madalas na nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at malalaman nila na hindi tunay ang pananalig nila—sa pinakamababa, kayang makamit ng mga tao ang ganitong uri ng pagkilatis. Siyempre, kung hindi mo pa nararanasan ang mga isyung ito, huwag kang magdasal nang walang pakundangan, sinasabing, “O Diyos, pakiusap, magsaayos Ka ng isang kapaligiran para sa akin para makita ko kung ano ang ibig sabihin ng ‘mga kuru-kurong ipinapakalat ng mga tao.’” Ang masaksihan ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay hindi isang laro at madali ka nitong malilihis. At kapag nangyari nga ang mga bagay na ito, dapat mong pangasiwaan ang mga ito nang tama. Huwag hayaang makalampas ang mga ito o iwasan ang mga ito; harapin ang mga ito nang tama, at harapin ang bawat kapaligirang inihanda ng Diyos para sa iyo nang may seryoso at mahigpit na saloobin. Ito ang dapat na maging saloobin ng isang taong naghahangad sa katotohanan para matamo ang katotohanan. Kapag nakatagpo mo ang isang taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro, dapat kang matutong magdasal sa Diyos: “O Diyos, pakiusap, samahan Mo ako, liwanagan Mo ako, at gabayan Mo ako, para makilatis ko ang mga salitang ito at ang ganitong uri ng tao, at bigyang-kakayahan Mo rin ako na matukoy kung mayroon ako sa loob ko ng anuman sa mga kuru-kuro ng mga taong ito.” Pagkatapos magdasal, humayo ka at danasin mo ang usaping ito. Siyempre, ito rin ang oras na susubukin ka kung gaano karami sa katotohanan ang talagang nauunawaan mo at kung gaano kataas ang tayog mo. Kapag nagpapakalat ng mga kuru-kuro ang isang tao, kung maririnig mo sila at wala kang anumang panloob na reaksiyon o kaisipan, at sa halip ay para ka lang isang radyo—tinatanggap ang anumang kuru-kurong ipinapahayag at ipinapakalat nila, nang walang anumang paglaban o abilidad na tanggihan ang mga ito, at lalo nang walang anumang abilidad na kilatisin ang mga ito—hindi ba’t napakalaking problema nito? Ang ilang tao, kapag naririnig nila ang isang taong nagpapahayag ng mga kuru-kuro, nararamdaman nila sa puso nila na mali ang sinasabi, at gusto nilang makipagbahaginan at makipagdebate sa taong iyon, pero hindi nila alam kung paano ipapahayag nang wasto ang sarili nila, o kung paano ilalantad at hihimayin ang taong iyon. Natatakot din sila na kung hindi sila makakapagdebate nang epektibo, mamumula ang mukha nila, at kapag natalo sila sa huli, mapapahiya sila at hindi sila makakaalis sa isang

nakakaasiwang sitwasyon. Gayumpaman, ayaw rin nila itong bitiwan nang hindi nakikipagdebate, iniisip nila: “Ang dami ko nang napakinggan na sermon at marami-rami akong nauunawaan, kaya bakit wala akong maisip na mga salita para pabulaanan ang mga sinasabi nila? Wala akong mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, at may tunay akong pananalig sa Diyos, kaya bakit hindi ko maipaliwanag nang malinaw ang mga bagay ngayong oras na para pabulaanan ang mga panlilinlang nila?” Pinapanood nilang magsalita nang magsalita ang taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro, habang lalong nagiging kahindik-hindik at kasuklam-suklam ang mga salita nito, pero sadyang hindi nila mapabulaanan o mahimay ang mga ito, at hindi nila magawang tumindig at ilantad ang mga ito, lalong hindi nila mapigilan ang mga ito, na labis na ikinababalisa at ipinag-aalala ng kalooban nila. Sa sandaling ito lang nila natutuklasan na masyadong mababa ang tayog nila at nakikita na ang pagkaunawa nila sa katotohanan ay hindi pa nagiging isang kompleto at tamang pananaw, na ito ay ilang hiwa-hiwalay na parirala lang, nakakalat na pira-pirasong bahagi ng liwanag at mga ideya, at hindi talaga tunay na kaalaman sa katotohanan. Alam na alam nila na nagpapakalat ng mga kuru-kuro at nanlilihis ng mga tao ang taong ito, at na isa itong hindi mananampalataya, at gusto nila itong ilantad at pabulaanan ang mga pananaw nito, sadya lang na wala sila ng angkop at makapangyarihang wika para gawin iyon. Nagagawa lang nilang sabihin, “Mabuti ang lahat ng ginagawa ng Diyos; kailangan mo itong tanggapin. Banal at perpekto ang Diyos; hinding-hindi Siya tulad ng sinasabi mo. Ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at ang mga tao ay mga nilikha. Dapat silang magpasakop sa Diyos. Hindi natatalo ang mga tao sa pagpapasakop sa Diyos.” Nagagawa lang nilang bigyang-boses ang mga mapagpaimbabaw na teoryang ito na hindi naman talaga tumutumbok sa mahahalagang punto. Pagkatapos maranasan ang mahalagang pangyayaring ito, napagtatanto nila na masyadong mababa ang tayog nila at iniisip nila, “Bakit labis akong walang kakayahan? Karaniwan naman, kaya kong magsalita nang magsalita tungkol sa mga engrandeng doktrina, nakakapagsalita ako nang napakahusay; kaya kong magsalita sa isang pagtitipon sa loob ng isang oras nang walang anumang problema, at magsulat ng tatlo hanggang limang pahina ng mga tala ng sermon nang hindi kumukurap, labis na may kumpiyansa sa aspektong ito. Pero kapag nahaharap sa isang taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro na gaya nito, hinuhusgahan at nilalapastangan ang Diyos nang gaya nito, bakit hindi ako alerto, bakit wala akong tugon? Bakit hindi ako makapagbigay ng makapangyarihang paglalantad at pagpapabulaan?” Ano ang natutuklasan nila mula rito? Hindi ba’t napagtatanto nilang hindi nila nauunawaan ang katotohanan? Mabuti o masamang bagay ba ang pagkakatantong ito? (Mabuti.) Sa wakas, natutuklasan nila ang aktuwal nilang tayog. Kung hindi pa nila nakaharap ang isang taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro, maaaring isipin pa rin nila na sila ay may tayog, nakakaunawa sa katotohanan, may pagkilatis, may kakayahang maunawaan nang malinaw ang lahat ng bagay, mangaral ng iba’t ibang espirituwal na doktrina, at makipagbahaginan nang kaunti tungkol sa bawat katotohanan nang may malaking

kaalaman. Gayumpaman, kapag nahaharap sa isang taong nagpapakalat ng mga kuru-kuro, kahit na alam nilang mali ito, hindi nila alam ang gagawin, wala silang magawa, at umuuwi silang talunan. Nakakahiya ba ito? Isa ba itong maluwalhating usapin? (Hindi.) Kaya, paano ito dapat lutasin? Kung wala ka ng mga tamang salita para pabulaanan sila, at gusto mo ring makaiwas sa kahihiyan at manindigan sa patotoo mo para ganap na mapahiya at matalo si Satanas, ano ang dapat mong gawin? Sasabihin Ko sa inyo ang isang epektibong pamamaraan: Kung nakikita mo na walang tigil silang nagpapakalat ng mga kuru-kuro, at ang karamihan ng tao ay walang pagkilatis at naiimpluwensiyahan nila, pero hindi mo sila matalo sa argumento, oras na para magpakita ng tapang; hampasin ang mesa at sabihin, “Tumahimik ka! Ano ba ang pinagsasasabi mo? Maaaring hindi kita kayang talunin sa argumento, pero alam kong isa kang hindi mananampalataya! Tingnan mo nga iyang sinasabi mo; may kahit isang salita ba na umaayon sa katotohanan? Napakaraming taon mo nang tinatamasa ang biyaya ng Diyos—kahit kailan ba ay nakapagsabi ka na ng isang salita ng papuri o patotoo para sa Diyos? May mga hinanakit ka laban sa Diyos; kung kaya mo, pumunta ka nang diretso sa ikatlong langit at direkta mong kausapin ang Diyos. Tigilan mo ang panggugulo rito. Ngayon, pormal kitang inuutusan na umalis!” Mangangahas ba kayong sabihin ito? Pagiging pabigla-bigla ba ito? (Hindi.) Ito ay paglalabas ng isang deklarasyon kay Satanas. Gawin lang ninyo ito. Sabihin ninyo sa kanila, “Umalis ka, ikaw na hindi mananampalataya! Napakarami mong tinamasa mula sa biyaya ng Diyos nang wala ka man lang isinusukli, ikaw na isang lapastangan na walang konsensiya; hindi ka karapat-dapat na maging tao!” Dalawang salita lang: “Umalis ka!” Ano sa palagay ninyo? Makapangyarihan ito, pero hindi ito dapat gamitin nang walang pakundangan. Hindi ninyo dapat sabihin ito sa mga bagong kapatid sa pananalig na hindi pa nakakaunawa sa katotohanan, pero para sa mga hindi mananampalataya at mga alipin ni Satanas, puwede kayong mag-utos nang ganoon nang walang awa: “Ito ang sambahayan ng Diyos, ang tahanan ng mga tunay na kapatid, ang tahanan ng mga sumusunod sa Diyos. Hindi ito ang tahanan ng mga diyablo at Satanas. Hindi kailangan dito ang mga diyablo at Satanas. Isa kang diyablo at isang Satanas, kaya umalis ka!” Angkop ba ito? (Oo.) Hindi ito ang pinakamainam na pamamaraan; ito ay dahil lang sa mababa pa ang tayog ninyo, dahil wala pa kayong sapat na tayog para makipaglaban kay Satanas, kaya itinuturo Ko sa inyo ang pamamaraang ito. Sa totoo lang, hindi ito ideyal. Ang ideyal na pamamaraan ay na—kung nauunawaan ninyo ang maraming katotohanan at may tunay kayong pananalig at kaalaman tungkol sa Diyos—kaya ninyo silang pabulaanan, at mapapabulaanan ninyo sila nang lubusan na sila ay sukdulang mapapahiya, kaya sa wakas, sasabihin nila sa lahat: “Hindi ko na kayang ipagpatuloy ang pananalig ko; masyado akong nahihiyang humarap sa sinuman sa inyo. Isa akong diyablo at isang Satanas; lilisanin ko na nang kusa ang iglesia.” Dahil wala pa kayo ng ganitong abilidad ngayon, dapat ninyong tratuhin iyong mga madalas magpakalat ng mga kuru-kuro ayon sa pamamaraang itinuro Ko sa inyo.

Alam na ba ninyo ngayon kung paano pangasiwaan iyong mga madalas magpakalat ng mga kuru-kuro sa iglesia? Kaya na ba ninyong makilatis iyong mga nagpapakalat ng mga kuru-kuro para ilihis ang mga tao? (Oo.) Ano ang mga pangunahing uri ng pananalita na nagpapakalat ng mga kuru-kuro? Ang isang uri ay nakatuon sa mga salita ng Diyos, ang isa pa ay sa gawain ng Diyos, at ang isa pa ay sa disposisyon at diwa ng Diyos. Ang mga ganitong uri ng pananalita ay nagsisimula sa bahagya—mga imahinasyon at maling interpretasyon tungkol sa Diyos—at mayroon ding matindi, tulad ng paghusga, pagkondena, at paglapastangan sa Diyos. Bukod sa mga ito, mayroon ding mga negatibo at mapanlabang komento ang mga tao—nagpapahayag ng mga bagay tulad ng mga reklamo, pagtutol, at kawalang-kasiyahan nila sa Diyos. Bilang buod, ang mga salitang nagpapakalat ng mga kuru-kuro ay pawang may kalikasan ng pagtutol, paghusga, pagkondena, at paglapastangan sa Diyos, at ang kahihinatnan ng mga ito ay nagiging mapaghinala at mapagbantay ang mga tao laban sa Diyos, nagkakamali sila ng pagkaunawa at lumalayo sa Diyos, at itinatakwil pa nga nila Siya. Dapat na madaling makilatis ang mga ito.

C. Ang mga Prinsipyo at Landas Para sa Paglutas ng mga Kuru-kuro

May ilang bagay pa rin tungkol sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro na kailangang pagbahaginan. Sinasabi ng ilang tao: “Dapat tayong magsagawa ng paglalantad at paghihimay sa panahon ng buhay iglesia pagdating sa pagpapakalat ng mga kuru-kuro, at limitahan ito. Gayumpaman, sa proseso ng pananampalataya sa Diyos, malamang na magkakaroon tayo ng iba’t ibang kuru-kuro; isa itong bagay na wala na sa kontrol natin. Kaya, pagdating sa mga kuru-kuro, anong uri ng landas ng pagsasagawa ang dapat nating sundan para makapagsagawa tayo nang tumpak, at hindi magdulot ng mga kaguluhan at pagkagambala sa panahon ng buhay iglesia, makaapekto nang masama sa iba, o magdulot ng mga kawalan sa buhay ng ibang tao? Ano ang angkop na paraan ng pagkilos?” Hindi ba’t isang katunayan na may mga kuru-kuro ang mga tao? Hindi ba’t hindi ito maiiwasan? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao, “Tanging ang mga hindi naghahangad sa katotohanan ang magkakaroon ng mga kuru-kuro.” Tama ba ang pahayag na ito? Medyo tama lang ito. Iyong mga naghahangad sa katotohanan ay maaaring magkaroon din paminsan-minsan ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos kapag nakakaranas sila ng mga espesyal na sitwasyon dahil, bago maunawaan ng mga tao ang katotohanan at ang mga layunin ng Diyos, at bago sila magkaroon ng kaalaman tungkol sa Diyos, magkakaroon sila ng ilang kuru-kuro tungkol sa mga salita at gawain ng Diyos. Ang mga kuru-kurong ito ay ilang nakalilinlang na ideya ng tao na hindi tumutugma sa katotohanan. Maaaring tumutugma ang ilang kuru-kuro sa moralidad, pilosopiya, tradisyonal na kultura, mga etikal na teorya, at iba pa, at sa panlabas, maaaring tila tama ang mga ideyang ito. Gayumpaman, sadyang hindi tumutugma ang mga ito sa katotohanan at taliwas dito. Isa itong katunayan. Paano dapat harapin ng mga tao ang mga kuru-kurong ito? Bago hangarin ng mga tao ang katotohanan, marami na silang mga kuru-kuro sa loob nila; mga likas na kuru-kuro

ang mga ito. Sa proseso ng paghahangad ng mga tao sa katotohanan, napakaraming bagong kuru-kuro ang lilitaw sa loob nila dahil sa mga pabago-bagong kapaligiran at iba't ibang konteksto; mga natutuhang kuru-kuro ang mga ito. Ang parehong uri ng mga kuru-kuro ay mga bagay na kailangang harapin ng mga tao sa landas nila ng pananampalataya sa Diyos. Kaya, may solusyon ba para sa paglutas ng mga kuru-kuro? May landas ba ng pagsasagawa? Sinasabi ng ilan, "Madali itong pangasiwaan. Maaari tayong maghimagsik laban sa mga likas nating kuru-kuro; hindi natin kailangang bigyang-pansin ang mga ito. Sigurado tayo na sa proseso ng paghahangad sa katotohanan, unti-unting malulutas at mawawala ang mga kuru-kurong ito habang nauunawaan natin ang katotohanan. Tungkol naman sa mga natutuhang kuru-kuro, umaasa tayo sa Diyos para lutasin ang mga ito, at hindi rin tayo napipigilan ng mga ito. Kaya, hanggang ngayon, wala pa tayong nabubuong mga kuru-kuro sa puso natin na maaaring humantong sa mga bagay na tulad ng paglaban, pagkondena, o paglapastangan sa Diyos." Kumusta ang ganitong pamamaraan ng pagsasagawa, ang ganitong paraan ng pagharap at pangangasiwa ng mga kuru-kuro? Maaari ba nitong malutas ang mga kuru-kuro? May mga kahinaan ba ito? Aktibo at positibo ba ang ganitong saloobin sa mga kuru-kuro? (Hindi.) May anumang positibong epekto ba ang saloobing ito sa mga tao? Kung gagamit ka ng isang pasibong pamamaraan kung saan binabalewala mo ang mga kuru-kurong ito, itinatago ang mga ito sa mga pinakatagong bahagi ng puso mo, ibinabaon ang mga ito at nagdarasal sa tuwing lumilitaw ang mga ito at pagkatapos ay iniisip mong nalutas na ang mga ito, pinangangasiwaan ang mga ito sa parehong paraan sa tuwing lumilitaw muli ang mga ito, at hindi na iniisip ang tungkol sa mga ito pagkatapos at kumikilos na parang hindi problema ang mga ito, naniniwalang, "Ano't anuman, ang Diyos na sinasampalatayanan ko ay ang Diyos ko pa rin, nilikha pa rin ako ng Diyos, at ang Diyos pa rin ang Lumikha sa akin; hindi ito nagbago"—ito ba ang pinakamabisang paraan para malutas ang mga kuru-kuro? Nagkakamit ba ito ng positibong resulta? Lubusan bang nilulutas ng ganitong uri ng pagsasagawa ang mga kuru-kuro mula sa pinakaugat? Malinaw na hindi. Gaano man kalaki o kaliit, o gaano man karami o kakaunti ang mga kuru-kurong ito, hangga't umiiral ang mga ito sa puso ng mga tao, magkakaroon ang mga ito ng negatibong epekto sa buhay pagpasok nila at sa ugnayan nila sa Diyos, na nagdudulot ng mga kaguluhan. Lalo na kapag mahina ang mga tao; kapag nahaharap sila sa isang kapaligirang hindi nila malampasan; kapag hindi nila nauunawaan ang mga layunin ng Diyos, wala silang landas ng pagsasagawa, at hindi nila alam kung paano mapapalugod ang Diyos; at kapag nararamdaman nilang wala silang pag-asa na maligtas, ang mga kuru-kurong ito ay mabilis na lilitaw sa loob nila, mapapangibabawan ang isipan nila, sasakop sa puso nila, at maaari pa ngang makaapekto sa pananatili o paglisan nila, at makaimpluwensiya sa landas na pipiliin nila. Maaaring may isang kuru-kuro na hindi mo kailanman pinahalagahan at hindi ka kailanman naapektuhan o nalungkot dahil dito—palagi mong pinaniniwalaan na ikaw ang amo nito, na kaya mo itong kontrolin—pero pagkatapos maranasan ang isang partikular na kabiguan,

pagtatanggal o pagtitiwalag, o matinding pagdidisiplina at pagtutuwid mula sa Diyos, o kahit kapag nararamdaman mo na parang nahulog ka sa isang walang-hanggang hukay, sa panahong iyon, ang kuru-kurong iyon ay hindi na lang isang palamuti para sa iyo. Kahit na balewalain mo ito, maaari itong makagulo at makalihis sa isipan mo, mapangibabawan pa nga ang mga kaisipan at pananaw mo, ang saloobin mo sa Diyos, at ang pananalig mo sa Diyos. Kung wala kang angkop na pamamaraan o prinsipyo ng pagsasagawa para harapin ang mga kuru-kurong ito, o kung wala kang malinaw na pagkaunawa sa mga ito, paulit-ulit na makakaapekto ang mga kuru-kurong ito sa buhay pagpasok mo o sa mga agarang pagpili mo. Maaari pa ngang makaimpluwensiya ang mga ito sa ugnayan at saloobin mo sa Diyos. Kaya, kapag nahaharap sa iba't ibang kuru-kurong lumilitaw sa anumang konteksto, anong uri ng saloobin at pamamaraan ang dapat taglayin ng mga tao para harapin at pangasiwaan ang mga ito upang maiwasan ang pinsala at magkamit ng isang positibong resulta? Isa itong katanungang dapat malinaw na pagbahaginan.

May malayang kalooban at malayang pag-iisip ang mga taong namumuhay sa laman. Edukado man sila o hindi, gaano man kahusay ang kakayahan nila, o anuman ang kasarian nila, hangga't may pag-iisip ang mga tao, magkakaroon sila ng mga kuru-kuro. Kung pangingibabawan ng isang kuru-kuro ang tiwaling disposisyon mo, tututulan mo ang Diyos dahil sa kuru-kurong ito. Samakatwid, dapat malutas ang problemang ito ng pagkakaroon ng mga kuru-kuro ng mga tao. Hindi lang ang mga nagpapakalat ng mga kuru-kuro ang nagkakaroon ng mga kuru-kuro; sadyang nagpapakalat lang sila ng mga kuru-kuro nila, walang pakundangang tumitindig nang laban sa Diyos at nagpapakalat ng iba't ibang pananaw at paghusga tungkol sa Kanya. Pero, nangangahulugan ba ito na ang mga hindi nagpapakalat ng mga kuru-kuro ay walang mga kuru-kuro? May mga kuru-kuro ang lahat ng tao; isa itong katunayan. Ang pagkakaiba ay na iyong mga sadyang nagpapakalat ng mga kuru-kuro ay may kalikasang diwa na likas na tutol sa katotohanan. Dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan at naniniwala pa nga silang tama at lubos na tumutugma sa katotohanan ang mga kuru-kuro nila, kung taliwas sa katotohanan ang mga kuru-kuro nila, pinipili nilang tanggapin ang mga kuru-kuro nila sa halip na ang katotohanan. Dito sila nabibigo at nililimitahan at kinokondena sila dahil dito. Kaya, bakit hindi kinokondena ang mga ordinaryo, normal na tao kapag nagkakaroon sila ng mga kuru-kuro? Ito ay dahil nagsasalita at kumikilos nang may pagkamakatwiran ang karamihan sa kanila, at alam nila sa puso nila na hindi tumutugma sa katotohanan at hindi tama ang mga kuru-kuro ng tao; bagama't hindi nila agad malutas ang mga kuru-kuro nila, handa silang talikuran ang mga ito. Kapag pinipili nilang tanggapin ang katotohanan, mapapalitan at malulutas ng katotohanan ang mga panloob nilang kuru-kuro; binibitiwan nila ang mga kuru-kuro nila at hindi na sila naiimpluwensiyahan, nalilimitahan, o napangingibabawan ng mga ito. Kaya, ang mga taong ito, bagama't may mga kuru-kuro sila, ay hindi nagpapakalat ng mga ito. Kaya pa rin nilang gawin ang mga tungkulin nila nang normal, sumunod sa Diyos nang normal, tanggapin ang mga salita

at gawain ng Diyos, magpasakop sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at magpasakop sa pagliligtas ng Diyos. Palagi nilang kinikilala na sila ay mga nilikha at ang Diyos ang Lumikha. Anuman ang mga kuru-kurong kinikimkim nila sa puso nila, kaya nilang panatilihin ang isang normal na ugnayan sa Diyos, panatilihin ang ugnayan sa pagitan ng nilikha at ng Lumikha, iwasang sukuan ang mga tungkulin nila, iwasang talikuran ang pangalan ng Diyos, at nananatiling hindi nagbabago ang pananalig nila sa Diyos. Bagama't ganito ang kaso, kung hindi kailanman malulutas ang mga kuru-kuro, maaari pa ring sirain ng mga ito ang mga tao at humantong sa pagkawasak nila. Samakatwid, kailangan pa rin nating pagbahaginan ang tungkol sa kung paano pinakamahusay na harapin at lutasin ang mga kuru-kuro.

Ano sa tingin ninyo ang mas madaling lutasin: ang likas na mga kuru-kuro na mayroon ang mga tao bago manampalataya sa Diyos, o ang mga kuru-kurong nabubuo ng mga tao sa mga espesyal na kapaligiran at konteksto matapos nilang manampalataya sa Diyos? (Mas madaling lutasin ang likas na mga kuru-kuro.) Ang mga imahinasyon at kuru-kuro ng mga tao tungkol sa Diyos noong una silang manampalataya sa Kanya ay mas madaling lutasin, samantalang ang mga kuru-kurong nabubuo nila habang nararanasan nila ang gawain ng Diyos matapos nilang manampalataya sa Kanya ay hindi ganoon kadaling lutasin—isa itong teoretikal na pahayag, pero sa huli, hindi ito umaayon sa mga katunayan. Ano ang ibig sabihin ng "teoretikal"? Ibig sabihin, ang mga ganitong uri ng kongklusyon ay nabubuo ng mga tao batay sa pilosopiya at lohika. Matapos unang magsimulang manampalataya ng mga tao sa Diyos at maunawaan ang katotohanan tungkol sa mga pangitain, nabibitiwan at nalulutas ang ilan sa mga kuru-kuro nila. Sa aktuwal, ang pagkalutas na ito ay nakakamit lang sa antas ng doktrina; tila nalutas na ang mga kuru-kurong ito, pero marami sa mga kuru-kurong nabubuo ng mga tao habang sumusunod sa Diyos ay may kaugnayan sa kanilang likas na mga kuru-kuro. Sa teorya, sa dalawang uri ng mga kuru-kurong ito, mas madaling lutasin ang likas na mga kuru-kuro, pero sa katunayan, hangga't kaya ng mga tao na tanggapin ang katotohanan at mahalin ang mga positibong bagay, hangga't nauunawaan nila ang katotohanan, parehong madaling lutasin ang dalawang uri ng kuru-kuro. Halimbawa, sinasabi ng ilan sa inyo na mas madaling lutasin ang likas na mga kuru-kuro, pero maaaring makatagpo kayo ng mga taong may mga baluktot na pagkaarok na napakatigas ng ulo at masyadong nakapako sa di-mahahalagang detalye, na nag-uusisa sa Bibliya, mga espirituwal na klasiko, at mga interpretasyon ng mga tagapagpaliwanag ng Bibliya; inuulit sa iyo ng mga taong ito ang mga bagay na natutuklasan nila, at gaano ka man makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, hindi nila ito tinatanggap. Hindi nila kayang tanggapin ang mga dalisay na sermon, ang katotohanan, o ang mga tamang salita; hindi nila tinatanggap ang mga bagay na ito kapag pinakikinggan nila ang mga ito. Sa isang banda, may problema sa abilidad nilang umarok; sa kabilang banda, hindi nila mahal ang mga positibong bagay o ang katotohanan, sa halip ay mahilig silang maging matigas ang ulo at mapako sa di-mahahalagang detalye, at hilig nilang paglaruan ang wika, at mahilig

sila sa mga teorya at teolohiya. Mabibitiwan ba ng mga gayong tao ang mga kuru-kuro nila? (Hindi.) Batay sa mga katunayan, mula sa disposisyon at mga kagustuhan ng mga gayong tao, hindi nila matanggap ang katotohanan. Ang mga inisyal na kuru-kuro ng mga tao ay talagang napakababaw at napakapaimbabaw, napakadaling lutasin ng mga ito. Kung may normal na pag-iisip at normal na abilidad na umarok ang isang tao, kapag nakipagbahaginan ka sa kanya tungkol sa katotohanan sa mga pangitain, hangga't nauunawaan niya ito, madali niyang mabibitiwan ang mga kuru-kuro niya. Pero may isang uri ng mga tao na walang normal na pag-iisip, hindi kayang umarok sa katotohanan, at hindi tumatanggap sa katotohanan. Kaya ba ng mga gayong tao na bitiwan ang mga kuru-kuro nila? (Hindi.) Samakatwid, mahirap lutasin ang mga kuru-kuro ng mga gayong tao. Kung ang isang tao ay may normal na katwiran at kaya niyang tanggapin ang katotohanan, anuman ang mga kuru-kurong mabubuo niya tungkol sa Diyos matapos manampalataya sa Diyos, at sa anumang kapaligiran o konteksto lumilitaw ang mga kuru-kurong ito, hindi siya makikipagtalo sa Diyos. Sasabihin niya, "Tao ako, may mga tiwaling disposisyon ako, puwedeng maging mali ang pag-iisip at mga kilos ko. Ang Diyos ang katotohanan, hindi kailanman nagkakamali ang Diyos. Gaano man kamakatwiran ang mga kaisipan ko, ang mga ito ay mga kaisipan pa rin ng tao, nagmula sa tao ang mga ito at hindi ang katotohanan. Kung taliwas ang mga ito sa mga salita ng Diyos o sa katotohanan, ang mga kaisipang ito, gaano man kamakatwiran, ay mali." Maaaring hindi niya alam sa ngayon kung saan mismo mali ang mga kuru-kurong ito, kaya paano siya nagsasagawa? Nagsasagawa siya ng pagpapasakop, hindi matigas ang ulo niya at hindi siya nakapako sa mga partikular na detalye, at binibitiwan niya ang naturang usapin, naniniwalang darating ang araw na ibubunyag ito ng Diyos. Tinatanong siya ng isang tao, "Paano kung hindi ito ibunyag ng Diyos?" Sasagot siya, "Kung gayon, magpapasakop ako magpakailanman. Hindi kailanman nagkakamali ang Diyos, at hindi kailanman mali ang ginagawa ng Diyos. Kung hindi tumutugma ang ginagawa ng Diyos sa mga kuru-kuro ng tao, hindi ibig sabihin nito na mali ang Diyos, kundi na hindi ito maarok o maunawaan ng mga tao. Samakatwid, ang pinakadapat na gawin ng mga tao ay huwag magsiyasat, huwag mapako sa mga kuru-kuro nila, at huwag gamitin ang mga kuru-kuro nila para hanapan ng mali ang Diyos, na ginagamit ang mga kuru-kuro nila bilang dahilan at palusot para hindi magpasakop sa Diyos at para tutulan Siya." Ganito niya tinatrato ang mga kuru-kuro niya. Ang ganitong uri ba ng pagsasagawa ay pagsasagawa sa katotohanan? Pagsasagawa nga ito sa katotohanan. Kapag nagkakaroon siya ng mga kuru-kuro, hindi niya ikinukumpara ang Diyos sa mga ito o hindi niya ginagamit ang mga ito para siyasatin ang Diyos, para tiyakin kung totoo ba ang Diyos o kung umiiral ba ang Diyos. Sa halip, binibitiwan niya ang mga kuru-kuro niya at sinisikap niyang tanggapin ang katotohanan at kilalanin ang Diyos. Pero kahit na sinusubukan niya ang lahat ng makakaya niya para kilalanin ang Diyos, hindi pa rin niya makilala ang Diyos. Ano ang ginagawa niya kung gayon? Nagpapasakop pa rin siya. Sinasabi niya, "Hindi kailanman nagkakamali ang Diyos. Ang Diyos ay palaging Diyos. Ang Diyos ang Siyang nagpapahayag ng katotohanan. Ang

Diyos ang pinagmumulan ng katotohanan.” Inuuna niyang ilagay ang Diyos sa posisyon ng Diyos at ang sarili niya sa posisyon ng nilikha kapag nahaharap siya sa mga kuru-kurong ito. Samakatwid, bagama’t hindi pa niya isinasantabi o nalulutas ang mga kuru-kuro niya, hindi nagbabago ang saloobin niya ng pagpapasakop sa Diyos. Pinoprotektahan siya ng saloobing ito, tinutulutan siyang manatiling kinikilala ng Diyos bilang nilikha sa harap Diyos. Kaya, madali bang lutasin ang mga kuru-kuro ng mga gayong tao? (Oo.) Paano ito nakakamit? Ipagpalagay nang nagsalita sila sa ganitong paraan nang maharap sila sa isang sitwasyon: “Ang pagsasabing ang lahat ng ginagawa ng diyos ay ang katotohanan at tama, na ang diyos ay makapangyarihan sa lahat at hindi puwedeng magkamali—hindi ba’t mali iyon? Bagama’t sinasabing hindi puwedeng magkamali ang diyos, isa lang itong teoretikal na pahayag. Sa katunayan, may ilang bagay na ginagawa ang diyos na walang pagsasaalang-alang at hindi umaayon sa mga damdamin ng tao. Sa tingin ko, hindi ganap na tama ang usaping ito. Para sa mga bagay na hindi ganap na tama, hindi ko kailangang magpasakop sa mga ito o tanggapin ang mga ito, tama ba? Kahit hindi ko itinatanggi ang pangalan ng diyos o ang pagkakakilanlan niya, ang mga kuru-kurong nabuo ko na ngayon ay nagbigay sa akin ng higit na kabatiran at mas mabuting pagkaunawa sa diyos—gumagawa rin ang diyos ng ilang bagay na mali at may mga pagkakataong nagkakamali siya. Kaya, mula ngayon, hindi ako maniniwala kapag sinasabi ng mga tao na ang diyos ay matuwid, perpekto, at banal. Lalagyan ko ng maliit na tandang pananong ang mga pahayag na ito. Bagama’t ang diyos ang lumikha at kaya kong tanggapin ang kataas-taasang kapangyarihan niya, sa hinaharap, kailangan kong piliin ang tatanggapin ko at hindi ako puwedeng magpasakop nang nalilito at bulag. Paano kung magkamali ako sa pagpapasakop? Hindi ba’t mawawalan ako? Hindi ako puwedeng maging isang taong nagpapasakop nang hangal.” Kung tatratuhin nila ang mga kuru-kuro at ang Diyos nang may ganitong saloobin, madali ba nilang mabibitiwan ang mga kuru-kuro nila? Ang ganitong uri ba ng pagsasagawa ay pagsasagawa ng katotohanan? (Hindi.) Hindi ba’t nagkakaroon ng problema ang ugnayan nila sa Diyos? Hindi ba’t palagi nilang sinisiyasat ang Diyos? Ang Diyos ang naging pakay ng pagsisiyasat nila sa halip na ang May Kataas-taasang Kapangyarihan na naghahari sa kapalaran nila. Bagama’t kinikilala nila na nilikha sila sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, ang ginagawa nila ay hindi paggampan sa mga tungkulin at obligasyon ng isang nilikha. Hindi nila tinatrato ang Lumikha mula sa orihinal nilang posisyon bilang isang nilikha, sa halip ay tumitindig sila nang kontra sa Lumikha, sinisiyasat nila ang Lumikha at sinusuri ang mga kilos at pag-uugali ng Lumikha, pinipili kung magpapasakop at tatanggap ba sila batay sa sarili nilang desisyon. Ang ganitong saloobin at paraan ba ng pagsasagawa ang mga pagpapamalas na dapat mayroon ang isang taong tumatanggap sa katotohanan? Malulutas ba ang mga kuru-kuro niya? (Hindi, hindi malulutas ang mga ito.) Hindi kailanman malulutas ang mga ito. Ito ay dahil naging baluktot ang ugnayan niya sa Diyos; hindi ito isang normal na ugnayan, hindi ito ang ugnayan sa pagitan ng nilikha at ng Lumikha. Itinuturing niya

ang Diyos bilang isang pakay ng pagsisiyasat, palagi niyang sinisiyasat ang Diyos. Tinatanggap niya kung ano ang sa tingin niya ay tama at mabuti, pero sa loob niya ay lumalaban at nakikipagtalo siya sa Diyos tungkol sa kung ano ang hindi tumutugma sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao o sa mga kagustuhan ng tao, at napapalayo siya sa Diyos. Ang gayong tao ba ay isang taong tumatanggap sa katotohanan? Sa panlabas, kung walang anumang insidente at walang anumang kuru-kuro tungkol sa Diyos, kaya niyang magpasakop sa mga salitang sinasabi ng Diyos. Pero sa sandaling magkaroon na siya ng mga kuru-kuro, nawawala ang pagpapasakop niya; hindi na ito makita, at hindi ito maisagawa. Ano ang nangyayari dito? Malinaw na hindi siya isang taong nagsasagawa sa katotohanan. Hindi niya tinatanggap ang Diyos bilang ang pinagmumulan ng katotohanan o bilang ang katotohanan mismo. Mahirap para sa mga taong hindi tumatanggap sa katotohanan na bitiwan o lutasin ang mga kuru-kuro nila, kahit kailan pa lumitaw ang mga kuru-kurong iyon.

Batay sa nilalaman ng pagbabahaginan sa itaas, sa palagay ninyo, anong uri ng kuru-kuro ang mas madaling lutasin? Depende ito sa sitwasyon. Para sa mga kayang tanggapin ang katotohanan, na may katwiran at mga tamang tao, madaling malutas ang mga kuru-kuro nila kahit kailan pa lumitaw ang mga ito. Para sa mga hindi kayang tanggapin ang katotohanan, mahirap lutasin ang mga kuru-kuro nila kahit kailan pa lumitaw ang mga ito. Nanampalataya ang ilang tao sa Diyos sa loob ng dalawampu o tatlumpung taon, pero kahit ngayon, wala sa mga sinasabi nila ang tumutugon sa katotohanan; lahat ng ito ay mga salita at doktrina at kuru-kuro lang ng tao. Wala talaga silang nauunawaan na anumang katotohanan—mabibitiwan ba nila ang mga kuru-kuro nila kapag lumitaw ang mga ito? Mahirap sabihin. Kung hindi nila tinatanggap ang katotohanan, hindi nila mabibitiwan ang mga kuru-kuro nila. Hindi maiiwasang magkaroon ng mga kuru-kuro ang mga tao. Ang isipan ng bawat tao ay puwedeng bumuo ng iba't ibang kuru-kuro sa anumang oras, likas man ang mga ito o natutuhan. May mga kuru-kuro sa puso ng bawat tao, gaano man katagal na silang nananampalataya sa Diyos. Kaya ano ang dapat gawin? Sadya bang hindi malulutas ang problemang ito? Maaari itong malutas; may ilang prinsipyong dapat tandaan. Napakahalaga ng mga prinsipyong ito. Kapag nahaharap ka sa mga gayong sitwasyon, magsagawa ka ayon sa mga prinsipyong ito. Pagkatapos magsagawa sa loob ng ilang panahon, makikita mo ang mga resulta, at makakapasok ka sa katotohanang realidad. Kapag lumilitaw ang mga kuru-kuro, ano man ang kuru-kuro, pagnilayan at suriin mo muna sa puso mo kung tama ba ang pag-iisip na ito. Kung malinaw mong nararamdaman na ang pag-iisip na ito ay hindi tama at baluktot, at na nilalapastangan nito ang Diyos, agad kang magdasal, hilingin sa Diyos na liwanagan at gabayan ka para makilala mo ang diwa ng problema, at pagkatapos, talakayin mo sa isang pagtitipon ang pagkaunawa mo. Habang nagtatamo ka ng pagkaunawa at dinaranas mo ang mga bagay-bagay, pagtuunan mo ang paglutas sa mga kuru-kuro mo. Kung hindi nagkakamit ng malilinaw na resulta ang pagsasagawa sa ganitong paraan, dapat kang makipagbahaginan tungkol sa aspektong

ito ng katotohanan kasama ang isang taong nakakaunawa sa katotohanan, magsikap na humingi ng tulong mula sa iba at ng mga solusyon mula sa mga salita ng Diyos. Sa pamamagitan ng mga salita ng Diyos at ng mga karanasan mo, unti-unti mong mapapatunayan na tama ang mga salita ng Diyos, at makakamit mo ang malalaking resulta sa isyu ng paglutas sa mga kuru-kuro mo. Sa pamamagitan ng pagtanggap at pagdanas ng mga gayong salita at gawain ng Diyos, sa wakas ay mauunawaan mo ang mga layunin ng Diyos at magkakaroon ka ng kaunting kaalaman sa disposisyon ng Diyos, binibigyang-kakayahan ka na bitiwan at lutasin ang mga kuru-kuro mo. Hindi ka na magkakamali ng pagkaunawa o magiging mapagbantay laban sa Diyos, ni gagawa ng mga kahilingan na walang katwiran. Ito ay para sa mga kuru-kurong madaling lutasin. Pero may isa pang uri ng kuru-kurong mahirap maunawaan at lutasin para sa mga tao. Para sa mga kuru-kurong mahirap lutasin, may isang prinsipyong dapat mong itaguyod: Huwag ipahayag o ipakalat ang mga ito, dahil walang mabuting naidudulot sa ibang tao ang pagpapahayag ng mga gayong kuru-kuro; isa itong katunayan ng pagtutol sa Diyos. Kung nauunawaan mo ang kalikasan at mga kahihinatnan ng pagpapakalat ng mga kuru-kuro, dapat ikaw mismo ang magsukat dito nang malinaw at umiwas ka sa padalos-dalos na pagsasalita. Kung sasabihin mo, “Mahirap sa damdamin na pigilan ang mga salita ko sa loob ng iglesia; pakiramdam ko ay sasabog ako,” dapat mo pa ring isaalang-alang kung ang pagpapakalat ng mga kuru-kurong ito ay tunay na kapaki-pakinabang sa hinirang na mga tao ng Diyos. Kung hindi ito kapaki-pakinabang at puwedeng magdulot sa iba na magkaroon ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, o tutulan at husgahan pa ang Diyos, hindi ba’t pinipinsala mo ang hinirang na mga tao ng Diyos? Pinipinsala mo ang mga tao; wala itong ipinagkaiba sa pagkakalat ng salot. Kung talagang may katwiran ka, mas pipiliin mong tiisin ang sakit nang mag-isa kaysa ipakalat ang mga kuru-kuro at makapinsala sa iba. Gayumpaman, kung nahihirapan kang kimkimin ang mga salita mo, dapat kang magdasal sa Diyos. Kung malulutas ang problema, hindi ba’t mabuti iyon? Kung hinuhusgahan mo ang Diyos at nagkakamali ka ng pagkaunawa sa Diyos dahil sa mga kuru-kuro mo, kahit kapag nagdarasal ka sa Kanya, binibigyan mo lang ng problema ang sarili mo. Dapat kang magdasal sa Diyos nang ganito: “O Diyos, may mga ganito akong iniisip, at gusto ko itong bitiwan, pero hindi ko magawa. Pakiusap, disiplinahin Mo ako, ibunyag Mo ako gamit ang iba’t ibang kapaligiran, at hayaan Mong makita ko na mali ang mga kuru-kuro ko. Paano Mo man ako disiplinahin, handa akong tanggapin ito.” Tama ang ganitong mentalidad. Pagkatapos magdasal sa Diyos nang may ganitong mentalidad, hindi ba’t mararamdaman mo na hindi na gaanong masikip ang kalooban mo? Kung patuloy kang magdarasal at maghahanap, tumatanggap ng kaliwanagan at pagtanglaw mula sa Diyos, mauunawaan mo ang mga layunin ng Diyos, at magliliwanag ang puso mo, hindi na maninikip ang kalooban mo. Hindi ba’t malulutas na ang problema kung magkagayon? Maglalaho ang karamihan ng kuru-kuro, paglaban, at paghihimagsik mo sa Diyos; sa pinakamababa, hindi mo mararamdaman ang pangangailangang ipahayag ang mga ito. Kung hindi pa rin iyon gumana at hindi ganap na nalulutas ang

problema, maghanap ka ng isang tao na may karanasan para tulungan kang lutasin ang mga kuru-kuro mo. Hilingin sa kanila na maghanap ng ilang sipi ng mga salita ng Diyos na may kaugnayan sa paglutas sa mga kuru-kurong mayroon ka, at basahin mo ang mga ito nang dose-dosena o daan-daang beses; marahil ay ganap na malulutas ang mga kuru-kuro mo. Puwedeng sabihin ng ilang tao, “Kung magpapahayag ako ng mga kuru-kuro sa isang pagtitipon kasama ang mga kapatid, magiging pagpapakalat iyon ng mga kuru-kuro, kaya hindi ko iyon puwedeng gawin. Pero masakit sa dibdib na kimkimin ang mga ito. Puwede ko bang sabihin ang mga ito sa aking pamilya?” Kung ang mga kapamilya mo ay mga kapatid din sa pananalig, ang pagpapahayag ng mga kuru-kurong ito sa kanila ay makakagulo rin sa kanila. Angkop ba ito? (Hindi.) Kung ang sasabihin mo ay magkakaroon ng masamang epekto sa iba, makakapinsala at makakalihis sa kanila, hinding-hindi mo dapat sabihin ito. Sa halip, magdasal ka sa Diyos para malutas ang isyu. Hangga’t ikaw ay nagdarasal at kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos nang may taimtim na puso, isang pusong nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, maaaring malutas ang mga kuru-kuro mo. Nilalaman ng mga salita ng Diyos ang komprehensibong katotohanan; kayang lutasin ng mga ito ang anumang problema. Nakasalalay lang ito kung kaya mong tanggapin ang katotohanan at kung handa kang isagawa ang mga salita ng Diyos, at kung kaya mong bitiwan ang sarili mong mga kuru-kuro. Kung naniniwala kang laman ng mga salita ng Diyos ang komprehensibong katotohanan, dapat kang magdasal sa Diyos at dapat mong hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga problema kapag lumilitaw ang mga ito. Kung pagkatapos magdasal sa loob ng ilang panahon ay hindi ka pa rin nakakaramdam ng kaliwanagan mula sa Diyos at wala ka pa ring natatanggap na malinaw na mga salita mula sa Diyos sa kung ano ang gagawin, pero hindi mo namamalayan na ang mga kuru-kuro mo ay hindi na nakakaapekto sa kalooban mo, hindi na nakakagulo sa buhay mo, unti-unti nang naglalaho, hindi na nakakaapekto sa normal mong ugnayan sa Diyos, at siyempre ay hindi na nakakaapekto sa paggampan mo ng tungkulin, hindi ba’t talagang nalutas na ang kuru-kurong ito? (Oo.) Ito ang landas ng pagsasagawa.

Dapat munang tandaan niyong mga hindi nakakaunawa sa katotohanan na kapag may mga kuru-kuro sila, dapat nilang hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga ito. Hindi sila kailanman dapat magpakalat ng mga ito o magsalita nang walang ingat, sinasabing, “May kalayaan akong magsalita. Kung tutuusin, bibig ko naman ito; puwede kong sabihin ang gusto ko, sa kanino ko gusto, at sa anumang sitwasyong gusto ko.” Mali ang ganitong paraan ng pagsasalita. Ang ilang mabuti o tamang salita ay maaaring hindi tiyak na kapaki-pakinabang sa iba kapag sinabi, pero ang mga salita na mga kuru-kuro o mga tukso ni Satanas ay maaaring magresulta sa mga di-masukat na kahihinatnan kapag sinabi. Batay sa mga kahihinatnang ito, kung may kuru-kuro ka na iginigiit mong ipahayag, at nararamdaman mong ang paggawa niyon ay masarap sa pakiramdam at nakapagpapasaya sa iyo, ang mga kilos mo ay mailalarawan bilang masasamang gawa, at itatala ng Diyos ang mga ito laban sa iyo. Bakit itatala ang mga

ito laban sa iyo? Maraming positibong pamamaraan, landas, at prinsipyo ng pagsasagawa ang sinabi sa iyo, pero hindi mo pinili ang mga ito; sa halip, pinili mo ang isang landas na nagdudulot ng pinsala sa mga tao—sinasadya ito, hindi ba? Kung gayon, isang kalabisan ba na tawaging masasamang gawa ang mga kilos mo? (Hindi.) Maaari mong ganap na piliing lutasin ang isyung ito nang ikaw lang sa pamamagitan ng karanasan at pagdarasal sa Diyos at paghahanap, sa halip na ilabas ang mga kuru-kuro mo para guluhin at ilihis ang iba. Ito ang landas na dapat piliin ng isang taong may konsensiya at katwiran. Kaya bakit hindi mo pinipili ang paraang ito? Bakit pinipili mo ang isang paraang nakakapinsala at nakakasakit sa iba? Hindi ba't ito ang ginagawa ni Satanas? Gumagawa ang masasamang tao ng mga bagay na nakakapinsala sa iba at sa sarili nila. Kung gagawa ka rin ng mga gayong bagay, kamumuhian ba ito ng Diyos? (Oo.) Kahit na hindi kondenahin ng Diyos ang mga kuru-kuro mo, dapat mong hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga kuru-kuro mo at dapat kang magkaroon ng landas para isagawa ang katotohanan. Kung ang paraan mo ng pagharap sa mga kuru-kuro ay ang ipakalat ang mga ito para sadyang ilihis at pinsalain ang iba, nang ginugulo ang buhay iglesia at ang buhay pagpasok at mga normal na kalagayan ng mga kapatid, masasamang gawa ang mga kilos mo. Kapag nahaharap sa gayong sitwasyon, ano ang dapat piliin ng isang tao? Ang isang taong may pagkatao na naghahangad sa katotohanan ay hindi pipili ng paraan na nakakalihis at nakakapinsala sa iba; pipiliin niyang magsagawa at sumunod sa mga aktibo, positibong prinsipyo, lumapit sa harap ng Diyos para magdasal at hanapin ang katotohanan, at hilingin sa Diyos na tulungan siyang lutasin ang isyu. Sinasabi ng ilan, "Kapag nanghihingi ako ng tulong sa Diyos, palagi kong nararamdaman na hindi nahahawakan o nakikita ang Kanyang pagtulong. Puwede bang humingi na lang ako ng tulong sa mga tao?" Oo, puwede kang pumili ng isang taong higit na nakakaunawa sa katotohanan at may mas mataas na tayog kaysa sa iyo, isang taong sa tingin mo ay makalulutas ng problema mo nang hindi nagugulo at naiimpluwensiyahan ng mga kuru-kuro mo na maging mahina, isang taong nakaranas na ng mga katulad na isyu at makakapagsabi sa iyo kung paano lutasin ang mga ito—angkop din ang landas na ito. Kung pipiliin mo ang isang taong karaniwang labis na magulo ang isip at hindi nakakakilatis sa anumang bagay at, kapag narinig ang tungkol sa usaping ito, agad siyang nagwawala, gustong ipamalita ang mga kuru-kuro kung saan-saan at magdulot ng mga kaguluhan, at nais nang tumigil sa pananampalataya—kung nagkagayon, hindi sinasadyang nakagulo ang mga kilos mo sa buhay iglesia. Kung nagkagayon, hindi ba't mailalarawan na masasamang gawa ang mga kilos mo? (Oo.) Samakatwid, pagdating sa kung paano mo dapat pangasiwaan ang mga kuru-kuro, dapat kang maging maingat at mapagmatyag, hindi ka dapat kumilos nang may magulong isip o sa padalos-dalos na paraan, at hinding-hindi mo dapat ituring ang mga kuru-kuro bilang ang katotohanan—gaano man katama ang mga kaisipan ng tao, hindi katotohanan ang mga ito. Sa ganitong paraan, mas magiging kalmado ka, at hindi makakapagdulot ng anumang problema ang mga kuru-kuro mo. Ang pagkakaroon ng

mga kuru-kuro ay hindi dapat katakutan—hangga't hinahanap mo ang katotohanan, malulutas ang mga ito sa huli. Sinasabi ng ilang tao, "Pero hindi madaling lutasin ang mga kuru-kuro." Mahirap ngang lutasin ang ilang kuru-kuro, kaya ano ang dapat gawin? Simple lang ito. Ang ilang kuru-kuro ay hindi kailanman nalulutas sa isipan at utak ng ilang tao. Isa na itong katunayan, pero gaano man kahirap lutasin ang isang kuru-kuro, hindi pa rin ito ang katotohanan. Hangga't nauunawaan mo ang puntong ito, madaling pangasiwaan ang problema. May isang katunayan dito na dapat Kong sabihin sa inyo: Hindi hinihingi ng Diyos na lubos na maunawaan o malinaw na maarok ng lahat ng tao ang bawat bagay na ginagawa Niya; hindi Niya hinihingi na malaman ng lahat ng tao ang katotohanang nakapaloob dito o kung bakit Siya kumikilos sa isang partikular na paraan. Hindi ito ang ninanais ng Diyos; hindi Niya hinihingi ang mga pamantayang ito sa mga tao. Kung sapat na mahusay ang kakayahan mo, anumang antas ng pagkaunawang nakakamit mo ay mabuti—gawin mo lang ang makakaya mo. Kung hindi mo maunawaan, habang tumatanda ka, at patuloy na lumalalim nang lumalalim ang mga karanasan mo, at nakakaipon ka ng mas maraming karanasan, unti-unti ring lalalim ang pagkaunawa mo sa katotohanan, at mababawasan ang mga kuru-kuro mo. Gayumpaman, karamihan ng tao ay walang kakayanang makaarok ng ilang espesyal na usapin at hindi nila kailanman nauunawaan ang mga ito. Pinipilit ba sila ng Diyos na maunawaan ang mga usaping ito? Hindi; hindi sila pinipilit ng Diyos na makaunawa. Halimbawa, maraming misteryo sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos na gustong malaman ng mga tao pero hindi nila magawa. Gayumpaman, sa mga salita at gawain ng Diyos, nakatuon lang Siya sa pagpapahayag sa katotohanan para dalisayin at iligtas ang mga tao. Bihira Niyang banggitin ang ibang mga usapin, at kahit kapag nagbabanggit Siya paminsan-minsan, maiksi lang ito; hindi kailanman ipinapaliwanag ng Diyos sa mga tao ang mga usaping ito nang napakahaba. Bakit hindi? Dahil hindi kailangang maunawaan ng mga tao ang mga bagay na ito. Sa gawaing ginagawa ng Diyos sa mga tao, sa isang banda, ibinubunyag Niya ang Kanyang disposisyong diwa; sa kabilang banda, may mga kaisipan, plano, pinagmumulan at layon ang Diyos para sa mga bagay na ginagawa Niya, para sa mga paraan at diskarteng ginagamit Niya para gumawa sa iba't ibang tao, para sa mga paraan at diskarte ng kung paanong Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at iba pa. Hindi kailanman sinabi ng Diyos na dapat makaunawa at makapasok sa lahat ng katotohanan ang mga tao para maituring silang ligtas na. Ito ay dahil masyadong makapangyarihan sa lahat ang Diyos! Ang Kanyang mga paraan ng pagkilos, pagsasalita, paggawa, at pagkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay ay likas na nagbubunyag sa Kanyang disposisyon, diwa, pagkakakilanlan, at iba pa. Kahit na likas na ibinubunyag ng Diyos ang mga bagay na ito na tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos, hindi Niya hinihingi na maunawaan o maintindihan ng mga tao ang lahat ng ito. Ito ay dahil ang Diyos ay palaging magiging Diyos, at Siya ay makapangyarihan sa lahat, samantalang ang nilikhang sangkatauhan ay napakaliit at lubos na walang kapangyarihan; napakalaki

ng agwat sa pagitan ng tao at ng Diyos! Samakatwid, napakanormal para sa mga tao na makabuo ng ilang kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos. Hindi ito dinidibdib ng Diyos, pero palagi mo itong sineseryoso at matigas ang ulo mo na mapako rito. Hindi gagana ang ganitong pagharap. Kung isa kang taong naghahangad sa katotohanan at nagtataglay ng mataas na kakayahan, hangga't nauunawaan mo ang katotohanan at may tunay na kaalaman tungkol sa Diyos, ang mga kuru-kuro at imahinasyong ito ay natural na malulutas. Kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, at kahit sino pa ang makipagbahaginan sa iyo sa katotohanan, hindi mo ito tatanggapin at palagi mong panghahawakan ang mga kuru-kuro mo, ano ang magiging kahihinatnan nito? Ang magiging kahihinatnan ay na kahit umabot ka sa katapusan ng buhay mo o sa puntong ganap nang natapos ang gawain ng Diyos, hindi mo makakamit ang katotohanan kundi madadala ka sa kamatayan dahil sa mga kuru-kuro at imahinasyon mo. Kahit makita mo pa na magpakita ang espirituwal na katawan ng Diyos, hindi mo pa rin malulutas ang mga kuru-kuro at imahinasyon mo tungkol sa Diyos. Sasabihin ba sa iyo ng Diyos ang lahat ng katunayan at kung ano ang totoo dahil lang sa hindi mo malutas ang mga kuru-kurong ito? Sa isang banda, hindi Niya kailangang gawin iyon; sa kabilang banda, may isang katunayan, na walang malaking kapasidad na kinakailangan ang utak at isipan ng tao para tanggapin ang mga bagay na ito. Ang gawaing ginagawa ng Diyos ay lampas sa imahinasyon ng tao at lampas sa lahat ng bagay. Kompara sa lahat ng bagay, ang mga tao ay tulad ng isang butil ng buhangin sa dalampasigan. Ang paglalarawang ito ay malapit sa mga katunayan at maituturing na naaangkop. Kahit gustuhin pa ng Diyos na sabihin sa iyo ang lahat, may kapasidad ka bang tanggapin ang lahat ng ito? Sinasabi ng ilang tao, "Bakit hindi ko kakayaning tanggapin ang lahat ng ito? Kung mas marami ang sasabihin ng Diyos, mas marami ang mauunawaan at makakamit ko. Kung gayon, mapapaboran ako!" Pangangarap iyan nang gising; labis-labis ang pagtatantiya mo sa sarili mong kapasidad. Hindi ganyan ang tunay na kalagayan ng mga bagay-bagay. Sa mga mata ng Diyos, ang lahat ng bagay na sinasabi Niya sa iyo ay napakasimple at napakalinaw; ang mga ito ay ang mga bagay na kayang maarok ng mga tao. Sa katunayan, maraming bagay ang hindi pa sinasabi ng Diyos dahil hindi kayang maarok ng mga tao ang mga ito. Samakatwid, napakanormal na may ilang kuru-kuro ka na hindi malulutas sa huli. Ang mga bagay na kailangan ng Diyos na maunawaan mo at gusto Niyang sabihin sa iyo, o na kaya mong pasanin at arukin, ay mauunawaan mo. Pagdating naman sa mga bagay na hindi mo kayang pasanin at arukin, na hindi makilatis ng mga pisikal mong mata, kahit sabihin pa sa iyo ng Diyos ang mga ito, magiging walang saysay ito at pag-aaksaya ito ng pagsisikap. Dahil dito, hindi sinasabi ng Diyos sa iyo ang mga bagay na ito. Tungkol sa mga gayong kuru-kuro, kung hindi ka pa rin nakakaunawa sa oras na patay ka na o sa oras na natapos na ang gawain ng Diyos, saan ito nakakaapekto? Nakakaapekto ba ito sa pagpapasakop mo sa Diyos? Nakakaapekto ba ito sa pagganap mo sa papel bilang isang nilikha? Nakakaapekto ba ito sa pagkilala mo sa pagkakakilanlan at diwa ng Diyos? Kung hindi ka naaapektuhan

sa alinman sa mga paraang ito, maliligtas ka. Kaya, kailangan pa rin bang lutasin ang ganitong uri ng kuru-kuro? Hindi na. Ito ang huling uri ng kuru-kuro, ang uri na hindi malulutas kahit sa oras ng kamatayan. Sinasabi ng ilang tao, “O Diyos, hindi ko pa rin nauunawaan ang gawaing ito na ginawa Mo, ang mga salitang ito na sinabi Mo, at ang kapaligirang ito na inihanda Mo. Maaari Mo bang sabihin sa akin bago ako mamatay para mamatay ako nang payapa?” Binabalewala ng Diyos ang mga gayong kahilingan. Maaari kang lumisan nang payapa; mauunawaan mo ang lahat sa espirituwal na mundo.

May sariling pamantayan ang Diyos sa pagliligtas ng mga tao; hindi ito nakabatay sa kung gaano mo kahusay na nalutas ang mga kuru-kuro mo o kung gaano karami na sa mga ito ang binitiwan mo. Sa halip, nakabatay ito sa kung gaano ka natatakot sa Diyos at kung gaano ka kamapagpasakop sa Kanya, kung tunay ka bang may takot at pagpapasakop sa Kanya o wala. May kahulugan ang lahat ng ginagawa ng Diyos, at madali man itong tanggapin para sa iyo, o mahirap para sa iyo na tanggapin at malamang na magdudulot ng mga kuru-kuro sa iyo, ano’t anuman, hindi nagbabago ang pagkakakilanlan ng Diyos bilang resulta; palagi Siyang magiging ang Lumikha, at palagi kang magiging isang nilikha. Kung magagawa mong hindi malimitahan ng anumang kuru-kuro, at mapanatili pa rin sa Diyos ang relasyon ng isang nilikha at ng Lumikha, isa kang tunay na nilikha ng Diyos. Kung magagawa mong hindi maimpluwensiyahan o magulo ng anumang kuru-kuro, at may kakayanan ka na tunay na magpasakop sa Diyos mula sa kaibuturan ng iyong puso, at kung nagagawa mong isantabi ang mga kuru-kuro kahit na ang iyong pagkaunawa sa katotohanan ay malalim man o mababaw, at hindi mapigilan ng mga ito, naniniwala lang na ang Diyos ang katotohanan, ang daan, at ang buhay, na ang Diyos ay magiging Diyos magpakailanman, at na hindi kailanman mali ang ginagawa ng Diyos, kung gayon ay maaari kang maligtas. Sa katunayan, limitado ang tayog ng lahat. Gaano karaming bagay ang maaaring maisiksik sa utak ng mga tao? Kaya ba nilang maarok ang Diyos? Pangangarap lang iyon! Huwag kalimutan: Ang mga tao ay palaging magiging musmos sa harap ng Diyos. Kung iniisip mong matalino ka, kung palagi mong sinusubukang maging mautak, at sinusubukan mong alamin ang lahat ng bagay, iniisip mo, “Kung hindi ko ito kayang maunawaan, hindi ko maaaring kilalanin na ikaw ang aking diyos, hindi ko maaaring tanggapin na ikaw ang aking diyos, hindi ko maaaring kilalanin na ikaw ang lumikha. Kung hindi mo lulutasin ang aking mga kuru-kuro, nangangarap ka kung iniisip mo na kikilalanin ko na ikaw ang diyos, na tatanggapin ko ang iyong kataas-taasang kapangyarihan, at na magpapasakop ako sa iyo,” kung gayon ay problema ito. Paano ito naging problema? Hindi nakikipagtalo sa iyo ang Diyos tungkol sa gayong mga bagay. Sa tao Siya ay laging magiging ang sumusunod: Kung hindi mo tatanggapin na ang Diyos ay iyong Diyos, Hindi Niya tatanggapin na isa ka sa Kanyang mga nilikha. Kapag hindi tinatanggap ng Diyos na isa ka sa Kanyang mga nilikha, isang pagbabago ang nangyayari sa iyong relasyon sa Diyos bilang resulta ng iyong saloobin sa Kanya. Kung hindi mo magawang magpasakop sa Diyos, at tanggapin ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at ang lahat ng ginagawa ng Diyos, magkakaroon

ng pagbabago sa iyong pagkakakilanlan. Isa ka pa rin bang nilikha? Hindi ka kinikilala ng Diyos; walang silbi na makipagtalo pa. At kung hindi ka isang nilikha, at hindi ka nais ng Diyos, may pag-asa ka pa rin ba sa kaligtasan? (Wala.) Bakit hindi ka tinuturing ng Diyos bilang isang nilikha? Hindi mo matupad ang mga responsabilidad at tungkulin na dapat gawin ng isang nilikha, at hindi mo tinatrato ang Lumikha mula sa posisyon ng isang nilikha. Kaya, paano ka tatratuhin ng Diyos? Paano ka Niya titingnan? Hindi ka titingnan ng Diyos bilang isang nilikhang pasok sa pamantayan, kundi bilang isang imoral, isang diyablo at isang Satanas. Hindi ba't iniisip mong matalino ka? Paanong nagawa mo ang iyong sarili na maging isang diyablo at isang Satanas? Hindi ito katalinuhan, kahangalan ito. Ano ang ipinapaunawa ng mga salitang ito sa mga tao? Na dapat manatili sa hanay ang mga tao sa harap ng Diyos. Kahit na may dahilan ka para sa iyong mga kuru-kuro, huwag mong isipin na nagtataglay ka ng katotohanan, at na mayroon kang kapital na magprotesta laban sa Diyos at limitahan Siya. Anuman ang gawin mo, huwag kang maging ganoon. Sa sandaling mawala ang pagkakakilanlan mo bilang isang nilikha, mawawasak ka—hindi ito biro. Ito ay dahil mismo, kapag may mga kuru-kuro ang mga tao, gumagamit sila ng ibang mga pamamaraan, at gumagamit ng ibang mga solusyon, na ang mga kalalabasan ay ganap na magkaiba.

Mayroon ba kayong mga prinsipyo sa kung paano magsagawa patungkol sa mga kuru-kuro? Pinoprotektahan ba kayo ng mga prinsipyong ito para umasal kayo nang wasto bilang mga nilikha? Mabuti ba ang landas na ito? (Oo.) Kung gayon, ibuod ninyo ito. (Kung isa itong uri ng kuru-kurong medyo madaling lutasin, dapat kaming magdasal at maghanap, hanapin ang katotohanang naghihimay sa ganitong uri ng kuru-kuro mula sa mga salita ng Diyos, at puwede rin kaming makipagbahaginan sa mga kapatid na nakakaunawa sa katotohanan; sa ganitong paraan, makikilatis namin ang mga maling aspekto ng kuru-kuro, at sa gayon ay malulutas ito. Mayroon ding ilang kuru-kuro na hindi madaling lutasin, pero hindi kami dapat kumapit sa mga ito. Dapat kaming magkaroon ng saloobin ng pagtanggap sa katotohanan at pagpapasakop sa Diyos, nang nalalaman na kami ay mga nilikha at ang ginagawa ng Diyos ay tiyak na tama, at hindi pa lang namin ito napagtatanto. Nauunawaan man namin o hindi, hindi kami dapat magpakalat ng mga kuru-kuro. Dapat naming matutuhan na madalas na manalangin sa Diyos at maghanap, at unti-unti ay malulutas din ang mga kuru-kurong ito. Ang ikatlong sitwasyon ay na maaaring manatiling hindi nalulutas ang ilang kuru-kuro sa huli. Sa mga gayong kaso, hangga't hindi kami napipigilan ng mga kuru-kurong ito at hindi namin ito ipinapakalat, ayos lang ito. Kahit na hindi malutas ang mga kuru-kurong ito sa huli, hangga't hindi kami kumakapit sa mga ito at hindi gumagawa ng kasamaan dahil sa mga ito, hindi kami kokondenahin ng Diyos, at hindi ito makakaapekto sa aming kaligtasan.) Ilang prinsipyo mayroon sa kabuuan? (Tatlo.) May tatlong prinsipyo sa kabuuan. Naitala ninyo ang lahat ng ito, tama ba? Kapag naunawaan na ninyo ang katotohanan at naarok na ninyo ang mga prinsipyo, natural na malulutas ang mga kuru-kuro ninyo. Huwag ninyong hayaang hadlangan o patumbahin kayo ng mga kuru-kuro; lutasin ang mga

kuru-kurong maaaring lutasin sa abot ng makakaya ninyo, at para sa mga pansamantalang hindi pa malutas, huwag hayaang makaapekto sa inyo ang mga ito kahit papaano. Hindi dapat mahadlangan ng mga ito ang paggampan mo ng tungkulin, ni makaapekto ang mga ito sa ugnayan mo sa Diyos. Ang pinakamababang hinihingi sa iyo ay huwag magpakalat ng mga kuru-kuro kahit papaano, huwag gumawa ng kasamaan, huwag magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, at huwag kumilos bilang alipin ni Satanas o bilang daluyan ni Satanas. Kung, gaano ka man magsikap, ang ilang kuru-kuro ay maaari lang lutasin nang paimbabaw at hindi lubusang malulutas, huwag mo na lang pansinin ang mga iyon. Huwag hayaan ang mga kuru-kuro na makaapekto sa paghahangad mo sa katotohanan o sa buhay pagpasok mo. Maging bihasa ka sa mga prinsipyong ito, at sa ilalim ng normal na mga sitwasyon, ikaw ay mapoprotektahan. Kung isa kang tao na tumatanggap sa katotohanan, nagmamahal sa mga positibong bagay, hindi masamang tao, ayaw magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, at hindi nananadyang magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, kapag karaniwan kang nahaharap sa isyu ng paglitaw ng mga kuru-kuro, sa pangkalahatan ay mapoprotektahan ka. Ang pinakabatayang prinsipyo ng pagsasagawa ay ito: Kung lumitaw ang isang kuru-kurong mahirap lutasin, huwag magmadaling kumilos ayon sa kuru-kurong iyon. Una, maghintay at hanapin ang katotohanan para lutasin ito, maniwala na hindi maaaring maging mali ang ginagawa ng Diyos. Tandaan ang prinsipyong ito. Dagdag pa, huwag isantabi ang tungkulin mo o hayaan ang kuru-kuro na makaapekto sa paggampan mo ng tungkulin. Kung may mga kuru-kuro ka at iniisip mo, “Iraraos ko na lang ang tungkuling ito; masama ang lagay ng loob ko ngayon, kaya hindi ako gagawa nang maayos para sa iyo!” hindi ito tama. Kapag naging negatibo at pabasta-basta ang saloobin mo, nagiging problema ito; ito ang panliligalig ng mga kuru-kuro sa loob mo. Kapag nanliligalig ang mga kuru-kuro sa loob mo at nakakaapekto sa paggampan mo ng tungkulin, ibig sabihin niyon na sa puntong ito, nagkaroon na ng aktuwal na pagbabago ang ugnayan mo sa Diyos. Ang ilang kuru-kuro ay puwedeng makaapekto sa paggampan mo ng tungkulin, na isang malubhang problema, at dapat na agarang malutas ang mga ito. Ang ibang kuru-kuro ay hindi nakakaapekto sa paggampan mo ng tungkulin o sa ugnayan mo sa Diyos, kaya hindi malalaking isyu ang mga ito. Kung ang mga kuru-kurong nabubuo mo ay maaaring makaapekto sa paggampan mo ng tungkulin, na nagdudulot na pagdudahan mo ang Diyos, na huwag kang magsipag sa paggawa ng tungkulin mo—at maramdaman pa nga na walang kakaharaping mga kahihinatnan ang hindi paggawa ng tungkulin mo—at walang anumang pangamba o may-takot-sa-Diyos na puso, mapanganib ito. Nangangahulugan ito na mahuhulog ka sa tukso, at maloloko at mabibihag ka ni Satanas. Ang saloobin mo sa mga kuru-kuro mo at ang mga pinipili mo ay napakahalaga; malutas man o hindi ang mga kuru-kuro, at anuman ang antas ng pagkakalutas ng mga ito, hindi dapat magbago ang normal na ugnayan sa pagitan mo at ng Diyos. Sa isang banda, dapat magawa mong makapagpasakop sa lahat ng kapaligirang pinamamatnugutan ng Diyos, at kumpirmahin na tama at makabuluhan ang

lahat ng ginagawa ng Diyos, at hindi dapat magbago kailanman ang kaalamang ito at ang aspektong ito ng katotohanan para sa iyo. Sa kabilang banda, hindi mo dapat isantabi ang tungkuling ipinagkatiwala ng Diyos sa iyo, hindi mo dapat iwaksi ang pasaning ito. Kung, sa panloob o panlabas, wala kang paglaban, pagsalungat, o paghihimagsik laban sa Diyos, makikita lang ng Diyos ang pagpapasakop mo, at na naghihintay ka. Maaaring may mga kuru-kuro ka pa rin, pero hindi nakikita ng Diyos ang pagiging mapaghimagsik mo. Dahil walang paghihimagsik at paglaban sa loob mo, itinuturing ka pa rin ng Diyos bilang isa sa Kanyang mga nilikha. Sa kabaligtaran, kung ang puso mo ay puno ng mga reklamo at pagsuway, naghahanap ka ng pagkakataon para gumanti, at ayaw mong gawin ang tungkulin mo, bagkus ay gusto mong iwaksi ang pasaning ito—maging sa puntong, sa puso mo, may kung ano-anong reklamo tungkol sa Diyos, at nabubunyag ang mga partikular na pagpapamalas ng pagsuway at sama ng loob habang ginagawa mo ang tungkulin mo—kung gayon, sa pagkakataong ito, malaki na ang ipinagbago ng ugnayan mo sa Diyos. Iniwan mo na ang posisyon mo bilang isang nilikha; hindi ka na isang nilikha, kundi naging daluyan ka na ng mga diyablo at ni Satanas—kaya hindi ka na pakikitaan ng Diyos ng anumang kabutihan. Kapag dumating na sa puntong ito ang isang tao, papalapit na siya sa mapanganib na kalagayan. Kahit walang gawin ang Diyos, hindi siya makakapanindigan sa iglesia. At kaya, sa lahat ng ginagawa ng mga tao—lalo na kapag may kinalaman ito sa mga isyu ng paglutas sa mga kuru-kuro—dapat maging maingat sila na iwasan ang paggawa ng mga bagay na sumasalungat sa Diyos, o na kinokondena ng Diyos, o nakakasakit o nakakapinsala sa iba. Ito ang prinsipyo.

Hindi maliit na usapin ang problema ng pagkakaroon ng mga tao ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos! Napakahalaga para sa mga tao na makapagpanatili ng normal na ugnayan sa Diyos, pero ang pinakanakakaapekto sa ugnayang ito ay ang mga kuru-kuro ng mga tao. Kapag nalutas na ang mga kuru-kuro ng tao tungkol sa Diyos ay saka lang mapapanatili ang normal na ugnayan sa Kanya. Sa kasalukuyan, maraming tao ang may malubhang problema. Kahit ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos, bagama't kaya nilang magtiis ng pagdurusa at magbayad ng halaga sa paggampan ng mga tungkulin nila, pero sa buong panahong ito, hindi pa rin ganap na malutas ang mga kuru-kuro nila. Malubha itong nakakaapekto sa ugnayan nila sa Diyos at direktang nakakaapekto sa pagmamahal nila sa Diyos at sa pagpapasakop nila sa Kanya. Samakatwid, anumang kuru-kuro ang mabuo ng mga tao tungkol sa Diyos, isa itong seryosong usapin na hindi puwedeng ipagsawalang-bahala. Ang mga kuru-kuro ay parang isang pader; hinahadlangan ng mga ito ang ugnayan ng mga tao sa Diyos, na nagiging dahilan para mawalan sila ng ugnayan sa gawain ng pagliligtas ng Diyos. Kaya, ang pagkakaroon ng mga tao ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos ay isang napakaseryosong isyung hindi puwedeng ipagsawalang-bahala! Kung ang mga tao ay may mga kuru-kuro at hindi nila magawang agarang hanapin ang katotohanan at lutasin ang mga ito, puwede itong madaling magdulot ng pagkanegatibo, paglaban sa Diyos, at maging ng pagkamapanlaban sa Kanya. Matatanggap pa kaya nila ang katotohanan

kung gayon? Mahihinto ang buhay pagpasok nila. Ang landas ng pagdanas sa gawain ng Diyos ay hindi pantay at lubak-lubak. Dahil may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, maaaring lumihis sila nang maraming beses, at puwedeng bumuo sila ng mga kuru-kuro sa anumang sitwasyon. Kung ang mga kuru-kurong ito ay hindi malulutas sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan, puwedeng maghimagsik ang mga tao laban sa Diyos at tumutol sa Kanya, tumahak sa landas ng pagkamapanlaban sa Kanya. Kapag tumahak ang mga tao sa landas ng mga anticristo, sa tingin ba ninyo ay may pag-asa pa silang maligtas? Mahirap na itong pangasiwaan sa puntong iyon, at wala nang matitirang pagkakataon. Kaya, bago ka itatwa ng Diyos bilang Kanyang nilikha, dapat mong matutuhan kung paano maging nilikha ng Diyos. Huwag mong subukang siyasatin ang Lumikha o subukang maghanap ng paraan para patunayan at tiyakin na ang Diyos na sinasampalatayanan mo ay ang Lumikha. Hindi ito ang obligasyon o responsabilidad mo. Ang dapat mong iniisip at pinagninilayan sa puso mo araw-araw ay kung paano mo matutupad ang mga tungkulin mo at maging isang nilikha na pasok sa pamantayan, sa halip na kung paano patunayan kung ang Diyos ang Lumikha, kung Siya ba talaga ay Diyos, o na siyasatin ang ginawa ng Diyos at kung tama ba ang Kanyang mga kilos o hindi. Hindi ang mga ito ang dapat mong siyasatin.

Hunyo 19, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (17)

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikalimang Bahagi)

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

IX. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon." Tungkol sa iba't ibang paggambala at panggugulo na lumilitaw sa buhay iglesia, nagbahaginan tayo noong nakaraan tungkol sa ikawalong isyu—ang pagpapakalat ng mga kuru-kuro—at ngayon ay pagbabahaginan natin ang ikasiyam—ang pagbubulalas ng pagkanegatibo. Ang pagbubulalas ng pagkanegatibo ay isang bagay na madalas ding naririnig sa pang-araw-araw na buhay. Gayundin, ang mga kilos o pahayag ng pagbubulalas ng pagkanegatibo ay dapat ding limitahan at pigilan kapag lumilitaw ang mga ito sa buhay iglesia, sapagkat ang pagbubulalas ng pagkanegatibo ay hindi nakapagpapatibay sa sinuman; sa halip, nakaaapekto, nakagugulo, at nagdudulot ito ng kawalan sa mga tao. Samakatwid, ang pagbubulalas ng pagkanegatibo ay isang negatibong bagay, kapareho ng kalikasan sa iba pang mga pag-uugali, kilos, at pahayag na nakagugulo sa buhay iglesia; maaari din itong makagulo sa mga tao at magkaroon ng mga hindi kanais-nais na epekto. Walang sinuman ang makapagpapatibay o makapagbibigay ng mga pakinabang sa iba sa pamamagitan ng pagbubulalas ng pagkanegatibo; magdudulot lang ito ng mga mapaminsalang epekto at maaari din itong makaapekto sa normal na paggampan ng mga tao sa mga tungkulin nila. Kaya, kapag nagaganap sa iglesia ang pagbubulalas ng pagkanegatibo, dapat din itong pigilan at limitahan, hindi dapat kunsintihin o hikayatin.

A. Kung Ano ang Pagbubulalas ng Pagkanegatibo

Tingnan muna natin kung paano dapat unawain at kilatisin ang pagbubulalas ng pagkanegatibo. Paano natin dapat kilatisin ang pagbubulalas ng pagkanegatibo? Alin sa mga komento at pagpapamalas ng mga tao ang pagbubulalas ng pagkanegatibo? Higit sa lahat, ang pagkanegatibong ibinubulalas ng mga tao ay hindi positibo, isa iyong negatibong bagay na sumasalungat sa katotohanan, at isang bagay na nanggagaling sa kanilang tiwaling disposisyon. Ang pagkakaroon ng tiwaling disposisyon ay humahantong sa mga paghihirap sa pagsasagawa ng katotohanan at pagpapasakop sa Diyos—at dahil sa mga paghihirap na ito, nabubunyag ang mga negatibong kaisipan at iba pang mga negatibong bagay sa mga tao. Ang mga bagay na ito ay nagmumula sa konteksto ng pagsisikap nilang isagawa ang katotohanan; ito ay mga kaisipan at pananaw na nakaaapekto at humahadlang sa mga tao kapag sinisikap nilang isagawa ang katotohanan, at ito ay lubos na mga negatibong bagay. Gaano man naaayon sa mga kuru-kuro ng tao at gaano man kamakatwirang pakinggan ang mga negatibong kaisipan at pananaw na ito, hindi nagmumula ang mga ito sa pagkaunawa sa mga salita ng Diyos, lalong hindi kaalamang batay sa karanasan sa mga salita ng Diyos ang mga ito. Sa halip, nagmumula ang mga ito sa isipan ng tao, at hindi talaga kaayon ng katotohanan. Kaya, ang mga ito ay mga salik ng pagkanegatibo, mga negatibong bagay. Ang intensiyon ng mga taong nagbubulalas ng pagkanegatibo ay makahanap ng maraming obhetibong dahilan para sa kabiguan nilang isagawa ang katotohanan, para makuha ang simpatiya at pag-unawa ng ibang mga tao. Sa iba't ibang antas, ang mga negatibong pahayag na ito ay nakaiimpluwensiya at nakapagpapahina sa inisyatiba ng mga tao na isagawa ang katotohanan, at maaari pa ngang magpatigil sa maraming tao sa pagsasagawa ng katotohanan. Dahil sa mga kahihinatnan at negatibong epektong ito, mas nararapat na ilarawan ang mga bagay na ito bilang negatibo, salungat sa Diyos, at lubos na mapanlaban sa katotohanan. Ang ilang tao ay hindi makakilatis ng diwa ng pagkanegatibo, at iniisip nila na ang madalas na pagkanegatibo ay normal, at na wala itong malaking epekto sa paghahangad ng mga tao sa katotohanan. Mali ang ganitong pag-iisip; sa katunayan, napakalaki ng epekto nito, at kung hindi na makayanan ng isang tao ang tindi ng pagkanegatibo niya, madali itong hahantong sa pagkakanulo. Ang katakot-takot na kahihinatnang ito ay sanhi ng walang iba kundi pagkanegatibo. Kaya paano dapat kilatisin at unawain ang pagbubulalas ng pagkanegatibo? Sa madaling salita, ang magbulalas ng pagkanegatibo ay panlilihis sa mga tao at pagpipigil sa kanila na isagawa ang katotohanan; ito ay paggamit ng mga banayad na taktika, ng tila normal na mga pamamaraan, para ilihis ang mga tao at tisurin sila. Nakapipinsala ba ito sa kanila? Talagang lubhang nakakasira ito sa kanila. At kaya, ang pagbubulalas ng pagkanegatibo ay isang bagay na negatibo, kinokondena ito ng Diyos; ito ang pinakasimpleng interpretasyon ng pagbubulalas ng pagkanegatibo. Kaya ano ba talaga ang negatibong bahagi ng pagbubulalas ng pagkanegatibo? Ano ang mga bagay na negatibo, at

malamang na magkaroon ng masamang epekto sa mga tao, at magsanhi ng panggugulo at pinsala sa buhay iglesia? Ano ang kasama sa pagkanegatibo? Kung ang mga tao ay may dalisay na pagkaarok sa mga salita ng Diyos, maglalaman ba ng anumang pagkanegatibo ang mga salitang ibinabahagi nila? Kung ang mga tao ay may saloobin ng tunay na pagpapasakop sa mga sitwasyong inihanda ng Diyos para sa kanila, maglalaman ba ng anumang pagkanegatibo ang kanilang kaalaman tungkol sa mga sitwasyong ito? Kapag ibinabahagi nila sa lahat ang kanilang kaalamang batay sa karanasan, maglalaman ba iyon ng anumang pagkanegatibo? Tiyak na hindi. Tungkol sa anumang nangyayari sa iglesia o sa paligid nila, kung nagagawa ng mga tao na tanggapin ito mula sa Diyos, magkaroon ng tamang pagharap, at magkaroon ng saloobin ng paghahanap at pagpapasakop, maglalaman ba ng anumang pagkanegatibo ang kaalaman, pagkaunawa, at karanasan nila sa nangyayari? (Hindi.) Tiyak na hindi. Kaya, kung titingnan sa mga ganitong aspekto, ano nga ba ang pagkanegatibo? Paano ba ito mauunawaan? Hindi ba't ang pagkanegatibo ay naglalaman ng mga bagay na may ganitong kalikasan—pagsuway, kawalang-kasiyahan, mga paghihinanakit, at sama ng loob ng mga tao? Ang mga mas malalang kaso ng pagkanegatibo ay kinabibilangan din ng paglaban, paghamon, at maging ng pagprotesta. Ang pagsasabi ng mga komento na naglalaman ng mga elementong ito ay mailalarawan bilang pagbubulalas ng pagkanegatibo. Kaya, kung susuriin ang mga pagpapamalas na ito, kapag nagbubulalas ng pagkanegatibo ang isang tao, may anumang pagpapasakop ba sa Diyos sa puso niya? Tiyak na wala. May anumang kahandaan ba na maghimagsik laban sa laman at lutasin ang pagkanegatibo niya? Wala—wala kundi paglaban, paghihimagsik, at pagsalungat. Kung ang puso ng mga tao ay puno ng mga bagay na ito—kung nasakop na ang puso nila ng mga negatibong bagay na ito—magbubunga ito ng paglaban, paghihimagsik, at paghamon sa Diyos. At kung ganito ang kaso, magagawa pa rin ba nilang isagawa ang katotohanan at magpasakop sa Diyos? Hindi; ang tanging mangyayari ay mapapalayo sila sa Diyos, mas lalong magiging negatibo, at maaari pa nga nilang pagdudahan, itatwa, at ipagkanulo ang Diyos. Hindi ba't mapanganib ito? Ang sinumang madalas na negatibo ay may kakayahang magbulalas ng pagkanegatibo, at ang pagbubulalas ng pagkanegatibo ay ang pagsalungat at pagtatatwa sa Diyos; dahil dito, ang mga taong madalas magbulalas ng pagkanegatibo ay may tendensiyang ipagkanulo ang Diyos at iwan Siya sa anumang oras o lugar.

Batay sa kahulugan ng salitang "pagkanegatibo," kapag nagiging negatibo ang isang tao, lubha siyang nanlulumo at nagkakaroon siya ng masamang pag-iisip. Ang lagay ng kanyang loob ay napupuno ng mga negatibong elemento, wala siyang saloobin ng aktibong pag-usad at pagsisikap na sumulong, at wala siyang positibo, aktibong pakikipagtulungan at paghahanap; higit pa rito, wala siyang ipinapakitang kusang-loob na pagpapasakop, sa halip ay nagpapakita siya ng labis na pagkasira ng loob. Ano ang kinakatawan ng pagkasira ng loob? Kinakatawan ba nito ang mga positibong aspekto ng pagkatao? Kinakatawan ba nito ang pagkakaroon ng konsensiya at katwiran?

Kinakatawan ba nito ang pamumuhay nang may dignidad, pamumuhay sa saklaw ng dignidad ng pagkatao? (Hindi.) Kung hindi nito kinakatawan ang mga positibong bagay na ito, ano ang kinakatawan nito? Puwede ba itong kumatawan sa kawalan ng tunay na pananalig sa Diyos, gayundin sa kawalan ng determinasyon at kapasyahang hangarin ang katotohanan at maagap na umusad? Maaari ba itong kumatawan sa matinding kawalan ng kasiyahan at hirap sa pagkaunawa sa kasalukuyang sitwasyon at mga paghihirap ng isang tao, at pag-ayaw na tanggapin ang mga katunayan ng kasalukuyan? Puwede ba itong kumatawan sa isang sitwasyon kung saan ang puso ng isang tao ay puno ng pagsuway, ng pagnanais na tumutol, at ng pagnanais na tumakas at baguhin ang kasalukuyang sitwasyon? (Oo.) Ito ang mga kalagayang ipinapakita ng mga tao kapag hinaharap nila ang kasalukuyang sitwasyon nang may pagkanegatibo. Sa madaling salita, anuman ang mangyari, kapag ang mga tao ay negatibo, ang kawalan nila ng kasiyahan sa kasalukuyang sitwasyon at sa mga isinaayos ng Diyos ay hindi kasingsimple ng pagkakaroon lamang ng mga maling pagkaunawa, hindi pagkaintindi, hindi pagkaarok, o kawalan ng kakayahang dumanas. Ang hindi pagkaarok ay maaaring usapin ng kakayahan o oras, na isang normal na pagpapamalas ng pagkatao. Ang hindi magawang dumanas ay maaaring dahil din sa ilang obhetibong dahilan, pero ang mga ito ay hindi itinuturing na mga negatibong bagay. Hindi rin magawang dumanas ng ilang tao, pero kapag nahaharap sila sa mga bagay na hindi nila nauunawaan o nakikilatis, o sa mga bagay na hindi nila naaarok o nararanasan, magdadasal sila sa Diyos at hahanapin nila ang Kanyang mga pagnanais, hihintayin nila ang kaliwanagan at pagtanglaw ng Diyos, at aktibo silang maghahanap mula sa ibang tao at makikipagbahaginan sa mga ito. Gayumpaman, iba ang ilang tao; wala sila ng mga ganitong landas ng pagsasagawa, wala rin silang gayong saloobin. Sa halip na maghintay, maghangad, o maghanap ng taong makakabahaginan, nagkakaroon sila ng mga maling pagkaunawa sa puso nila, nararamdaman na ang mga pangyayari at sitwasyong nararanasan nila ay hindi umaayon sa kanilang mga pagnanais, kagustuhan, o imahinasyon, kaya humahantong sa pagsuway, kawalan ng kasiyahan, paglaban, mga reklamo, pagtutol, pagpoprotesta, at iba pang mga negatibong bagay. Kapag nagkakaroon ng mga ganitong negatibong bagay, hindi na nila masyadong iniisip ang mga ito, hindi rin sila lumalapit sa Diyos para magdasal at magnilay-nilay para magkamit ng kaalaman sa sarili nilang kalagayan at katiwalian. Hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos para hanapin ang mga pagnanais ng Diyos o ginagamit ang mga salita ng Diyos para lutasin ang mga problema, lalong hindi naghahanap at nakikipagbahaginan sa iba. Sa halip, iginigiit nila na tama at tumpak ang pinapaniwalaan nila, nagkikimkim sila ng pagsuway at kawalan ng kasiyahan sa puso nila, at hindi sila makaalis sa mga negatibong emosyon. Kapag hindi sila makaalis sa mga ganitong emosyon, maaaring magawa nilang kimkimin ang mga ito at tiisin ang mga ito sa loob ng isa o dalawang araw, pero kapag tumagal na, maraming bagay ang nabubuo sa isipan nila, kabilang na ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, etika at moralidad ng tao, kultura, tradisyon, at kaalaman ng tao, at

iba pa. Ginagamit nila ang mga bagay na ito para sukatin, kalkulahin, at unawain ang mga problemang kinakaharap nila, ganap silang nabibitag sa patibong ni Satanas, kaya lumilitaw ang iba't ibang kalagayan ng kawalang kasiyahan at pagsuway. Mula sa mga tiwaling kalagayang ito, lumilitaw ang iba't ibang maling ideya at pananaw, at sa puso nila, hindi na makontrol ang mga negatibong bagay na ito. Pagkatapos ay naghahanap sila ng mga pagkakataon para mailabas at maibulalas ang mga bagay na ito. Kapag puno ng pagkanegatibo ang puso nila, sinasabi ba nila, "Puno ng mga negatibong bagay ang kalooban ko; hindi ako dapat magsalita nang walang pakundangan para hindi ko mapinsala ang iba. Kung gusto kong magsalita at hindi ko ito mapigilan, kakausapin ko ang pader, o kakausapin ko ang isang bagay na hindi nakakaintindi ng pananalita ng tao"? Sapat ba silang mabait para gawin ito? (Hindi.) Ano ang ginagawa nila kung gayon? Naghahanap sila ng mga pagkakataon para magkaroon ng tagapakinig na tatanggap ng kanilang mga negatibong pananaw, komento, at emosyon, ginagamit nila ito para mailabas ang iba't ibang negatibong damdamin nila tulad ng kawalan ng kasiyahan, pagsuway, at sama ng loob mula sa puso nila. Naniniwala silang ang oras sa buhay iglesia ang pinakamagandang oras para magbulalas, at ang magandang pagkakataon para ilabas ang kanilang pagkanegatibo, kawalan ng kasiyahan, at pagsuway dahil maraming tagapakinig at maaaring makaimpluwensiya ang mga salita nila na maging negatibo ang iba, at nakakapagdala ng hindi kanais-nais na mga kahihinatnan sa gawain ng iglesia. Siyempre, ang mga nagbubulalas ng pagkanegatibo ay hindi makapagpigil kahit sa pribado; palagi nilang inilalabas ang negatibo nilang pananalita. Kapag hindi marami ang nakakarinig sa kanila na magbulalas, nawawalan sila ng gana, pero kapag nagtitipon-tipon ang lahat, nagiging mas masigla sila. Batay sa mga emosyon, kalagayan, at iba pang mga aspekto ng mga nagbubulalas ng pagkanegatibo, ang pakay nila ay hindi ang tulungan ang mga tao na maunawaan ang katotohanan, makilatis kung ano ang totoo, malinawan sa mga maling pagkaunawa o pagdududa tungkol sa Diyos, makilala ang sarili at ang tiwaling diwa ng mga ito, o malutas ang mga isyu ng mga ito ng paghihimagsik at katiwalian para hindi maghimagsik laban sa Diyos ang mga ito o kontrahin Siya kundi magpasakop sa Kanya. Ang pangunahing pakay nila ay may dalawang bahagi: Sa isang banda, nagbubulalas sila ng pagkanegatibo para mailabas ang mga emosyon nila; sa kabilang banda, pakay nilang mahila ang maraming tao sa pagkanegatibo at papunta sa bitag ng paglaban at pagpoprotesta laban sa Diyos kasama nila. Samakatwid, ang pagbubulalas ng pagkanegatibo ay dapat talagang mapigilan sa loob ng buhay iglesia.

B. Ang Iba't Ibang Kalagayan at Pagpapamalas ng mga Taong Nagbubulalas ng Pagkanegatibo

1. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Habang Nakakaramdam ng Kawalang-Kasiyahan Tungkol sa Pagkakatanggal

Ang mga emosyon at pagpapamalas ng pagkanegatibo ay karaniwang ganito. Matapos Kong magbahagi tungkol sa mga ito, dapat ikumpara ng mga tao ang sarili nila

sa mga ito at tingnan kung alin sa mga pag-uugali, komento, at pamamaraan nila sa tunay na buhay ang maituturing na pagbubulalas ng pagkanegatibo, at kung anong mga sitwasyon ang nagdudulot sa kanila na masadlak sa pagkanegatibo, na humahantong sa pagbubulalas ng pagkanegatibo. Sabihin ninyo sa Akin, sa ilalim ng mga karaniwang kaganapan, anong mga sitwasyon ang nagdudulot sa mga tao na maging negatibo? Ano ang mga karaniwang anyo ng pagkanegatibo? (Kapag tinanggal o pinungusan ang isang tao, maaari siyang magkaroon ng kaunting pagkanegatibo sa puso niya.) Ang pagkakatanggal ay isang senaryo, at ang pagkakapungos ay isa pang senaryo. Bakit humahantong sa pagkanegatibo ang pagkakatanggal? (Ang ilang tao, matapos matanggal, ay walang kaalaman sa sarili at iniisip nila na ang katayuan nila ang naging dahilan ng pagbagsak nila. Pagkatapos ay sinasabi nila, “Kung gaano kataas ang lipad, gayon din ang lagapak pagbagsak,” nagsasabi ng ilang negatibong pananaw. Wala silang dalisay na pagkaarok sa pagkakatanggal; masuwayin sila sa puso nila.) Sa kalooban nila, may pagsuway at kawalang-kasiyahan, na siyang mga negatibong emosyon. Nagrereklamo ba sila? (Oo. Pakiramdam nila ay nagtiis sila ng paghihirap at nagbayad ng halaga, na palagi silang nagsusumikap nang husto nang walang nakukuhang anumang magandang kapalit, pero tinanggal pa rin sila. Kaya sinasabi nila, “Mahirap maging lider; malas ang sinumang maging lider. Kalaunan, natatanggal din ang lahat.”) Ang pagpapakalat ng ganitong mga komento ay pagbubulalas ng pagkanegatibo. Kung masuwayin lang sila at hindi nasisiyahan pero hindi naman nila ito ipinapakalat, hindi pa iyon maituturing na pagbubulalas ng pagkanegatibo. Kung mula sa pagsuway at kawalang-kasiyahan ay unti-unting lumalabas ang isang lagay ng loob ng pagrereklamo, at hindi nila kinikilala ang katunayan na may mahina silang kakayahan at hindi nila nagawa ang trabaho, at pagkatapos ay nagsisimula silang makipagtalo gamit ang baluktot nilang lohika, bumubuo ng lahat ng uri ng pahayag, pananaw, palusot, dahilan, paliwanag, pangangatwiran, at iba pa habang nakikipagtalo, kung gayon, ang pagsasabi ng ganitong mga uri ng komento ay maituturing nang pagbubulalas ng pagkanegatibo. Ang ilang huwad na lider, na tinanggal dahil sa hindi paggawa ng tunay na gawain, ay nagkikimkim ng pagsuway at kawalang-kasiyahan sa puso nila, talagang walang anumang pagpapasakop; palagi nilang iniisip, “Tingnan natin kung sino ang maaaring pumalit sa akin bilang lider. Walang ibang mas mahusay kaysa sa akin; kung hindi ko kayang gawin ang gawain, hindi rin nila kaya!” Bakit sila masuwayin? Iniisip nila na hindi mahina ang kakayahan nila at na marami na silang nagawang gawain, kaya bakit sila tinanggal? Ito ang mga iniisip ng mga huwad na lider sa loob-loob nila. Hindi sila nagninilay-nilay para kilalanin ang sarili nila at makita kung talaga bang gumawa sila ng anumang tunay na gawain, kung gaano karaming aktuwal na problema ang nilutas nila, o kung tunay bang naparalisa nila ang gawain ng iglesia. Bihira nilang isaalang-alang ang mga bagay na ito. Hindi nila iniisip na ang isyu ay ang kawalan nila ng katotohanang realidad at ng kakayahang makilatis ang mga bagay-bagay; sa halip, naniniwala silang dahil marami na silang nagawang gawain, hindi sila dapat ilarawan bilang huwad na

lider. Ito ang pangunahing dahilan ng pagsuway at kawalang-kasiyahan nila. Palagi nilang iniisip: “Maraming taon ko nang ginagawa ang mga tungkulin ko, bumabangon nang maaga at nagpupuyat araw-araw para kanino? Matapos manampalataya sa Diyos, iniwan ko ang pamilya ko, isinuko ang karera ko, at hinarap ko pa nga ang panganib na maaresto at mabilanggo para magawa ang mga tungkulin ko. Napakaraming paghihirap na ang tiniis ko! At ngayon, sinasabi nilang wala akong nagawang aktuwal na gawain at basta na lang akong tinanggal—lubha itong hindi patas! Kahit na wala akong anumang mga nakamit, nagtiis ako ng paghihirap; kung hindi paghihirap, pagkapagod! Sa kakayahan at abilidad kong magbayad ng halaga sa gawain ko, kung kahit ako mismo ay hindi pa rin maituturing na pasok sa pamantayan at natanggal, sa palagay ko ay halos wala nang sinumang mga lider na pasok sa pamantayan!” Nagbubulalas ba sila ng pagkanegatibo sa pagsasabi ng mga salitang ito? May kahit isang pangungusap ba sa mga ito na nagpapahiwatig ng pagpapasakop? May kahit katiting ba na pahiwatig ng kagustuhan na hanapin ang katotohanan? May anuman bang pagninilay-nilay sa sarili, tulad ng, “Sinasabi nila na hindi pasok sa pamantayan ang gawain ko, kaya saan ba mismo ako nagkukulang? Anong aktuwal na gawain ang hindi ko nagawa? Anong mga pagpapamalas ng isang huwad na lider ang ipinapakita ko?” Pinagnilayan na ba nila ang sarili nila sa ganitong paraan? (Hindi.) Kaya, ano ang kalikasan ng mga salitang ito na sinasabi nila? Nagrereklamo ba sila? Pinapangatwiranan ba nila ang sarili nila? Ano ang layunin nila sa pangangatwiran sa sarili nila? Hindi ba’t ito ay para makakuha ng simpatiya at pag-unawa ng mga tao? Hindi ba’t gusto nilang mas maraming tao ang magtanggol sa kanila, manangis dahil sa dinanas nilang kawalang-katarungan? (Oo.) Kung gayon, kanino sila nagpoprotesta? Hindi ba’t nakikipagtalo at nagpoprotesta sila laban sa Diyos? (Oo.) Ang pananalita nila ay nagrereklamo tungkol sa Diyos, sumasalungat sa Diyos. Ang puso nila ay puno ng mga hinanakit, nang may paglaban at paghihimagsik. Hindi lang iyon, kundi sa pamamagitan ng pagbubulalas ng pagkanegatibo, pakay nilang mas maraming tao ang makaunawa sa kanila, makisimpatiya sa kanila, at magkaroon ng pagkanegatibo na tulad nila, para mas marami pang tao ang magkimkim ng mga hinanakit, ng paglaban, at paghamon laban sa Diyos, o magprotesta laban sa Kanya, tulad nila. Hindi ba’t nagbubulalas sila ng pagkanegatibo para makamit ang layuning ito? Ang layunin nila ay hayaan lang ang mas maraming tao na malaman ang diumano’y katotohanan ng usapin at papaniwalain ang iba na nagawan sila ng mali, na tama ang ginawa nila, na hindi sila dapat natanggal, at na isang pagkakamali ang pagkakatanggal sa kanila; gusto nilang mas maraming tao ang magtanggol sa kanila. Sa pamamagitan nito, umaasa silang maibabalik ang dangal, katayuan, at reputasyon nila. Ang lahat ng huwad na lider at anticristo, pagkatapos matanggal, ay nagbubulalas ng pagkanegatibo sa ganitong paraan para makuha ang simpatiya ng mga tao. Wala ni isa sa kanila ang nakakapagnilay-nilay at nakakakilala sa sarili nila, nakakaamin sa mga pagkakamali nila, o nakakapagpakita ng tunay na pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan. Kinukumpirma ng katunayang ito na ang mga huwad na lider at anticristo ay pawang

mga taong hindi nagmamahal sa katotohanan, at hinding-hindi nila ito tinatanggap. Kaya, pagkatapos mabunyag at matiwalag, hindi nila makilala ang sarili nila sa pamamagitan ng katotohanan at mga salita ng Diyos. Wala pang nakakita sa kanila na nagpakita sila ng pagsisisi o nagkaroon ng tunay na kaalaman sa sarili nila, ni wala pang nakakita sa kanila na nagpakita sila ng tunay na pagtalikod sa kasalanan. Tila kahit kailan ay hindi pa sila nagkamit ng kaalaman sa sarili o hindi pa nila inamin ang mga pagkakamali nila. Kung susuriin ang katunayang ito, ang pagtatanggal sa mga huwad na lider at anticristo ay ganap na angkop at talagang hindi di-makatarungan. Batay sa ganap nilang kawalan ng pagninilay-nilay at kaalaman sa sarili, gayundin sa kawalan nila ng anumang pagsisisi, malinaw na matindi ang anticristong disposisyon nila, at na hindi talaga nila minamahal ang katotohanan.

Ang ilang huwad na lider, pagkatapos matanggal, ay talagang hindi kinikilala ang mga pagkakamali nila, ni hinahanap ang katotohanan o pinagninilayan at kinikilala ang sarili nila. Wala sila ni katiting na puso o saloobin ng pagpapasakop. Sa halip, nagkakamali sila ng pagkaunawa sa Diyos at nagrereklamo na hindi sila tinatrato ng Diyos nang patas, pinipiga ang utak nila para makahanap ng iba't ibang palusot at dahilan para pangatwiranan at ipagtanggol ang sarili nila. Sinasabi pa nga ng ilan, "Hindi ko kailanman ginusto na maging lider noon dahil alam kong mahirap ang trabahong iyon. Kung mahusay ang paggawa mo, hindi ka gagantimpalaan, at kung hindi ka naman mahusay, matatanggal ka at magkakaroon ka ng masamang reputasyon, itatakwil ng mga kapatid, at ganap na mawawalan ng dangal. Ano ang mukhang maihaharap ng isang tao pagkatapos niyon? Ngayong natanggal na ako, mas lalo akong nakumbinsi na hindi madali ang maging lider o manggagawa; isa itong trabahong mahirap at hindi pinapahalagahan!" Ano ang kahulugan ng pahayag na, "ang maging lider o manggagawa ay isang trabahong mahirap at hindi pinapahalagahan"? May anumang layunin bang hanapin ang katotohanan na ipinapahiwatig dito? Hindi ba't nangangahulugan ito na kinamumuhian nila ang katunayang isinaayos sila ng sambahayan ng Diyos na maging lider o manggagawa, at ginagamit nila ngayon ang ganitong uri ng pahayag para ilihis ang iba? (Oo.) Ano ang puwedeng maging mga kahihinatnan ng ganitong pahayag? Maiimpluwensiyahan at magugulo ng mga salitang ito ang utak at pag-iisip ng karamihan ng tao, at ang pagkaarok at pagkaunawa nila sa usaping ito. Ito ang kahihinatnang idinudulot sa mga tao ng pagbubulalas ng pagkanegatibo. Halimbawa, kung hindi ka isang lider at maririnig mo ito, magugulat ka, iisipin mo, "Totoo iyon! Hindi ako dapat mapili bilang lider. Kung mapipili ako, kailangan kong mabilis na makahanap ng kung ano-anong dahilan at palusot para tumanggi. Sasabihin kong wala ako ng kakayahan at hindi ko kayang gawin ang gawain." Ang ilan na mga lider ay maaapektuhan din ng pahayag na ito, iisipin nila, "Nakakatakot naman! Mahaharap din kaya ako sa kalalabasang katulad ng sa kanila sa hinaharap? Kung ganoon ang mangyayari sa mga bagay-bagay, ayaw ko talagang maging lider." Nagugulo ba ang mga tao sa ganitong mga negatibong emosyon at sa negatibong pahayag na ito? Malinaw na nagdudulot ang

mga ito ng mga panggugulo. Sinuman ang tao, may mahusay o mahina man siyang kakayahan, kapag narinig niya ang mga salitang ito, hindi maiiwasang papasok ang mga ito sa isipan niya, at ookupahin ng mga ito ang malaking bahagi ng isipan niya, at makaaapekto ang mga ito sa kanya sa magkakaibang antas. Ano ang mga kahihinatnan ng pagiging apektado? Hindi matatrato nang wasto ng karamihan ng tao ang usapin ng pagiging lider at pagkakatanggal mula sa pagiging lider, at hindi sila magkakaroon ng saloobin ng pagpapasakop. Sa halip, magkakaroon sila ng puso na palaging nagkakamali ng pagkaunawa at mapagbantay laban sa Diyos, magkakaroon sila ng mga negatibong emosyon tungkol sa isyung ito, at magiging labis na sensitibo at takot sila kapag nababanggit ang isyu. Kapag nagpapakita ang mga tao ng ganitong mga pag-uugali, hindi ba't nabitag na sila sa mga panunukso at panlilihis ni Satanas? Malinaw na nalihis at nagulo na sila ng pagbubulalas ng pagkanegatibo ng mga tao. Dahil ang mga bagay na ibinubulalas ng mga taong nagbubulalas ng pagkanegatibo ay nagmumula sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao at kay Satanas, at dahil ang mga ito ay hindi pagkaunawa sa katotohanan o ang mga kabatirang batay sa karanasang nakamit sa pagpapasakop sa mga kapaligirang inihahanda ng Diyos, ang mga nakakarinig sa mga ito ay nagugulo sa iba't ibang antas. Ang pagkanegatibong ibinubulalas ng mga tao ay nagdudulot ng ilang mapaminsala at nakakabagabag na epekto sa lahat. Ang ilang aktibong naghahanap sa katotohanan ay hindi gaanong mapipinsala. Ang iba naman, na wala man lang anumang lakas na lumaban, ay hindi maiiwasang mabagabag at lubhang mapinsala, kahit na alam nilang mali ang mga salita. Anuman ang sabihin ng Diyos, paano man Niya ibahagi ang usapin, o anuman ang Kanyang mga hinihingi, binabalewala nila ang lahat ng ito at sa halip ay isinasaisip nila ang mga salita niyong mga nagbubulalas ng pagkanegatibo, palaging pinapaalalahanan ang sarili nila na huwag kalimutang maging mapagmatyag, na para bang ang mga negatibong pahayag na ito ang pananggalang nila, ang kalasag nila. Anuman ang sabihin ng Diyos, hindi nila mabitiwan ang pagiging mapagbantay at mga maling pagkaunawa. Ang mga taong ito, na walang pagpasok sa katotohanan o sa mga salita ng Diyos, at na hindi nakakaunawa sa katotohanang realidad, ay walang pagkilatis sa mga negatibong pahayag na ito, at walang paglaban sa mga ito. Sa huli, napipigilan at nagagapos sila ng mga negatibong pahayag na ito, at hindi na nila matanggap ang mga salita ng Diyos. Hindi ba't napinsala sila nito? Gaano sila napinsala? Hindi na nila kayang tanggapin o unawain ang mga salita ng Diyos, kundi sa halip ay itinuturing nilang mga positibong bagay ang mga negatibong salita, ang mga salita ng kawalang-kasiyahan, pagsuway, at pagrereklamong sinasabi ng mga tao—itinuturing nila ang mga ito bilang mga personal nilang islogan na isinasapuso nila, at ginagamit ang mga ito bilang gabay sa buhay nila, para salungatin ang Diyos at tutulan ang Kanyang mga salita. Hindi ba't nahulog sila sa bitag ni Satanas? (Oo.) Hindi sinasadyang nahuhulog sa bitag ni Satanas ang mga taong ito, at nabibihag sila ni Satanas. Gayumpaman, ang mga negatibong pahayag na sinasabi ng mga taong ito tungkol sa ganoon kasimpleng usapin tulad ng pagkakatanggal sa posisyon ay may

malalaking epekto sa iba. May ugat na sanhi ito: Iyong mga tumatanggap sa mga negatibong pahayag na ito ay puno na ng mga kuru-kuro at imahinasyon—at maging ng ilang maling pagkaunawa at pagkamapagbantay—tungkol sa pagiging lider. Bagama't hindi pa buo ang mga maling pagkaunawa at pagkamapagbantay na ito sa isipan nila, matapos marinig ang mga negatibong pahayag na ito, mas nagiging kumbinsido sila na tama ang pagkamapagbantay at ang mga maling pagkaunawa nila; pakiramdam nila ay lalong may dahilan sila para maniwala na ang pagiging lider ay may dalang maraming kasawiang-palad at kakaunting mabuting bagay, at na hinding-hindi sila dapat maging isang lider o manggagawa para maiwasan nilang matanggal o matakwil dahil sa mga pagkakamali. Hindi ba't lubos na silang nalihis at naimpluwensiyahan niyong mga nagbubulalas ng pagkanegatibo? Kahit ang mga negatibong pahayag lang na sinabi ng isang tao na natanggal, pati na ang mga damdamin niya ng pagsuway at kawalang-kasiyahan, ay maaari nang magdulot ng ganoon kalalaking epekto at pinsala sa mga tao. Ano sa tingin ninyo—isang seryosong isyu ba na puno ng atmospera ng kamatayan ang mga negatibong emosyong ibinubulalas ng mga tao? (Oo, seryoso ito.) Bakit napakaseryoso nito? Dahil ito ay ganap na umaayon sa pagiging masyadong mapagbantay at sa mga maling pagkaunawa ng mga tao sa Diyos, habang sumasalamin din sa mga kalagayan ng maling pagkaunawa at pagdududa sa Diyos ng mga tao, pati na ang panloob na saloobin nila sa Kanya. Samakatwid, ang mga pahayag na ipinapakalat niyong mga nagbubulalas ng pagkanegatibo ay direktang tumatama sa mga pinakasensitibong aspekto ng mga tao, at ganap na tinatanggap ng mga tao ang mga ito, lubusan silang nahuhulog sa bitag ni Satanas na hindi na sila makaalpas. Mabuti o masamang bagay ba ito? (Masama.) Ano ang mga kahihinatnan nito? (Itinutulak nito ang mga tao na ipagkanulo ang Diyos.) (Itinutulak nito ang mga tao na maging mapagbantay at magkamali ng pagkaunawa sa Diyos, mapalayo sa Diyos sa puso nila, harapin nang negatibo ang mga tungkulin nila, at matakot na tumanggap ng mahahalagang atas. Nagiging kontento na sila sa paggawa ng mga pangkaraniwang tungkulin, kaya naman, napapalampas nila ang maraming pagkakataon na maperpekto.) Maliligtas ba ang gayong mga tao? (Hindi.)

Naglahad si Pablo ng maraming pananaw at nagsulat ng maraming liham dalawang libong taon na ang nakakalipas. Sa mga liham na iyon, marami siyang nasabing panlilinlang. Dahil walang pagkilatis ang mga tao, iyong mga nagbabasa ng Bibliya sa nakalipas na dalawang libong taon ay pangunahing tinanggap na ang mga kaisipan at pananaw ni Pablo habang isinantabi ang mga salita ng Panginoong Jesus, hindi tinanggap ang mga katotohanan mula sa Diyos. Makalalapit ba sa Diyos iyong mga tumatanggap sa mga kaisipan at pananaw ni Pablo? Matatanggap ba nila ang Kanyang mga salita? (Hindi.) Kung hindi nila matatanggap ang mga salita ng Diyos, kaya ba nilang tratuhin ang Diyos bilang Diyos? (Hindi.) Kapag dumating ang Diyos at tumayo Siya sa harap nila, makikilala ba nila ang Diyos? Matatanggap ba nila Siya bilang Diyos at Panginoon nila? (Hindi.) Bakit hindi? Ang puso ng mga tao ay napuno na ng mga

mapanlinlang na kaisipan at pananaw ni Pablo, bumubuo ng kung ano-anong teorya at kasabihan. Kapag ginagamit ng mga tao ang mga ito para sukatin ang Diyos, ang Kanyang gawain, ang Kanyang mga salita, ang Kanyang disposisyon, at ang Kanyang saloobin sa mga tao, hindi na sila mga karaniwan at simpleng tiwaling tao kundi mga taong salungat sa Diyos, sinisiyasat at sinusuri Siya, at nagiging mapanlaban sa Kanya. Maililigtas ba ng Diyos ang gayong mga tao? (Hindi.) Kung hindi sila ililigtas ng Diyos, magkakaroon pa rin ba sila ng pagkakataong makatanggap ng kaligtasan? Nagbigay ng pagkakataon sa mga tao ang paunang pagtatakda at pagpili ng Diyos, pero kung pagkatapos ng paunang pagtatakda at pagpili ng Diyos, ang landas na pipiliin ng mga tao ay ang pagsunod kay Pablo, umiiral pa rin ba ang pagkakataong ito para sa kaligtasan? Sinasabi ng ilang tao, “Ako ay paunang itinakda at pinili ng Diyos, kaya sigurado na ako. Tiyak na maliligtas ako.” May batayan ba ang mga salitang ito? Ano ba ang ibig sabihin ng pauna nang itinakda at pinili ng Diyos? Nangangahulugan ito na naging kandidato ka para sa kaligtasan, pero kung maliligtas ka o hindi ay nakadepende sa kung gaano kahusay ang iyong paghahangad at kung tama ang landas na pinili mo. Mapipili at maliligtas ba sa huli ang lahat ng kandidato? Hindi. Gayundin, kung tatanggapin ng mga tao ang mga damdamin, tulad ng pagsuway, kawalang-kasiyahan, at hinanakit, o ang mga komento, kaisipan, at pananaw na ipinahayag ng mga nagbubulalas ng pagkanegatibo, at ang puso nila ay puno at nagtataglay ng mga negatibong bagay na ito, hindi nito ipinapahiwatig na sumasang-ayon lang sila nang kaunti—ibig sabihin nito ay ganap nilang tinatanggap ang mga ito at gusto nilang mamuhay ayon sa mga bagay na ito. Kapag namuhay ang mga tao ayon sa mga negatibong bagay na ito, ano ang nagiging ugnayan nila sa Diyos? Nagiging isa itong antagonistikong ugnayan. Hindi ito ang ugnayan sa pagitan ng Lumikha at ng mga nilikha, ni ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng tiwaling sangkatauhan, at lalong hindi ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng mga tumatanggap ng kaligtasan. Sa halip, nagiging ugnayan ito sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga kaaway. Kaya, nagiging isang katanungan kung makakatanggap ba ang mga tao ng kaligtasan—walang nakakaalam nito. Ang mga negatibong pahayag ng mga natanggal ay puno ng mga reklamo, maling pagkaunawa, pangangatwiran, at pagtatanggol; nagsasabi pa sila ng ilang bagay na nanlilihis at inilalapit ang mga tao sa panig nila. Pagkatapos marinig ang mga pahayag na ito, nagkakaroon ng mga maling pagkaunawa at nagiging mapagbantay laban sa Diyos ang mga tao, at lumalayo pa nga sila sa Kanya at itinatakwil Siya sa puso nila. Kaya, kapag nagbubulalas ng pagkanegatibo ang gayong mga tao, dapat na silang agarang limitahan at pigilan. Sariling isyu na nila ang kawalan nila ng abilidad na tanggapin ang mga sitwasyong nararanasan nila mula sa Diyos, hanapin ang katotohanan, at magpasakop sa Diyos, at hindi sila dapat pahintulutang makaapekto sa iba. Kung hindi nila ito matatanggap, hayaan silang namnamin at lutasin ito nang paunti-unti. Pero kung nagbubulalas sila ng pagkanegatibo at naaapektuhan at nagugulo ang normal na pagpasok ng ibang mga tao, dapat silang pigilan at

limitahan nang maagap. Kung hindi sila mapipigilan at patuloy silang magbubulalas ng pagkanegatibo para ilihis at inilalapit ang mga tao sa panig nila, dapat silang agarang paalisin. Hindi sila dapat pahintulutan na patuloy na guluhin ang buhay iglesia.

2. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Habang Tumatangging Tumanggap ng Pagpupungos

May isa pang sitwasyon kung saan may tendensiyang magbulalas ng pagkanegatibo ang mga tao: Kapag nahaharap sila sa pagkakapungos at hindi nila matanggap ang ilang salita ng pagpupungos, magkikimkim sila ng pagsuway, kawalang-kasiyahan, at paghihinakit sa puso nila, at minsan ay nakararamdam pa nga sila ng pagkaagrabyado. Naniniwala sila na may kawalang-katarungan: “Bakit hindi ako pinapahintulutang ipaliwanag o linawin ang sarili ko? Bakit palagi akong pinupungusan?” Anong mga uri ng pagkanegatibo ang karaniwang ibinubulalas ng mga taong ito? Naghahanap din sila ng mga dahilan para pangatwiranan at ipagtanggol ang sarili nila. Sa halip na himayin, bumawi, o remedyuhan ang mga pagkakamali nila, nakikipagtalo sila, nagsasabi ng mga bagay-bagay tulad ng kung bakit hindi nila ginawa nang maayos ang isang bagay, ang mga sanhi sa likod nito, kung ano ang mga obhetibong salik at kondisyon, at kung paanong hindi nila ito sinadya; ginagamit nila ang mga palusot na ito para pangatwiranan at ipagtanggol ang sarili nila para makamit ang pakay nilang tanggihan ang pagpupungos. Hindi kinikilala ng mga taong ito na tama ang pagpupungos, at sinusuri nila ang insidente ng pagpupungos kasama ang marami pang ibang tao, sinusubukang ipaliwanag nang malinaw ang isyu sa harap ng lahat. Nagpapakalat pa nga sila ng mga ideyang tulad ng: “Ang ganitong uri ng pagpupungos ay makakapagpahina ng loob ng mga tao sa paggawa ng mga tungkulin nila. Wala nang magiging handang gumawa ng mga tungkulin nila. Hindi malalaman ng mga tao kung paano sila magpapatuloy at hindi magkakaroon ng landas ng pagsasagawa.” May ilang tao pa nga na, sa panlabas, nagbabahagi tungkol sa kung paano nila tinatanggap ang pagkakapungos, pero ang totoo, ginagamit nila ang pagbabahaginan para pangatwiranan at ipagtanggol ang sarili nila, pinapaniwala ang mas maraming tao na hinding-hindi isinasaalang-alang ng sambahayan ng Diyos ang mga damdamin ng mga tao sa pagtrato nito sa mga tao at na maging ang isang maliit na pagkakamali ay maaaring magresulta sa pagkakapungos. Iyong mga may tendensiyang magbulalas ng pagkanegatibo ay hindi kailanman nagninilay sa sarili nila. Kahit kapag nahaharap sa pagkakapungos, hindi nila pinagninilayan ang kalikasan ng mga pagkakamali nila o kung ano ang nagdulot sa mga ito. Hindi nila hinihimay ang mga isyung ito, kundi sa halip ay palagi silang nakikipagtalo, at palagi nilang pinangangatwiranan at ipinagtatanggol ang sarili nila. Sinasabi pa ng ilang tao, “Bago ako napungusan, pakiramdam ko ay may landas na susundan. Pero nang napungusan ako, nalito na ako. Hindi ko na alam kung paano magsagawa o kung paano manampalataya sa Diyos, at hindi ko makita ang daan pasulong.” Sinasabi rin nila sa iba, “Kailangan ninyong maging napakaingat na hindi mapungusan; napakasakit nito, para kang binabalatan. Huwag

sundan ang dati kong landas. Tingnan ninyo kung ano ang nangyari sa akin matapos akong mapungusan. Hindi ako makausad, hindi ako makaabante o makaatras; wala sa ginagawa ko ang tama!" Tama ba ang mga salitang ito? May anumang problema ba sa mga ito? (Oo. Pinapangatwiranan nila ang sarili nila at nakikipagtalo sila, sinasabing wala silang ginawang mali.) Anong mensahe ang ipinaparating sa pamamagitan ng ganitong pangangatwiran at pakikipagtalo? (Sinasabi nilang mali na pungusan ng sambahayan ng Diyos ang mga tao.) Sinasabi ng ilang tao, "Bago mapungusan, pakiramdam ko ay may landas akong susundan, pero pagkatapos mapungusan, hindi ko na alam ang gagawin." Bakit hindi nila alam ang gagawin nila matapos mapungusan? Ano ang dahilan nito? (Kapag nahaharap sa pagpupungos, hindi nila tinatanggap ang katotohanan o hindi sila nagtatangkang kilalanin ang sarili nila. Nagkikimkim sila ng ilang kuru-kuro at hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga ito. Dahil dito, nawawalan sila ng landas. Sa halip na hanapin ang sanhi sa loob-loob nila, taliwas dito ang sinasabi nila, na ang pagkakapungos ang dahilan kaya nawalan sila ng landas.) Hindi ba't pagbabaling ito ng sisi? Parang sinasabi na ring, "Ang ginawa ko ay alinsunod sa mga prinsipyo, pero dahil sa pagpupungos mo, naging malinaw sa akin na hindi mo ako hinahayaang pangasiwaan ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo. Kung gayon, paano naman ako magsasagawa sa hinaharap?" Ito ang ibig sabihin ng mga taong nagsasabi ng gayong mga bagay. Tinatanggap ba nila ang pagkakapungos? Tinatanggap ba nila ang katunayan na may nagawa silang mga pagkakamali? (Hindi.) Hindi ba't ang aktuwal na kahulugan ng pahayag na ito ay na alam nila kung paano gumawa ng mga maling gawa nang walang pakundangan, pero kapag pinupungusan at hinihiling na kumilos ayon sa mga prinsipyo, hindi nila alam kung ano ang gagawin at nalilito sila? (Oo.) Kung gayon, paano nila ginawa ang mga bagay noon? Kapag nahaharap sa pagkakapungos ang isang tao, hindi ba't ito ay dahil hindi siya kumilos ayon sa mga prinsipyo? (Oo.) Walang pakundangan siyang gumagawa ng mga maling gawa, hindi niya hinahanap ang katotohanan, at hindi niya ginagawa ang mga bagay-bagay ayon sa mga prinsipyo o sa mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos, kaya nakakatanggap siya ng pagpupungos. Ang layunin ng pagpupungos ay para bigyang-kakayahan ang mga tao na hanapin ang katotohanan at kumilos ayon sa mga prinsipyo, para maiwasan na maulit nila ang walang pakundangang paggawa nila ng mga maling gawa. Gayumpaman, kapag nahaharap sa pagkakapungos, sinasabi ng mga taong iyon na hindi na nila alam kung paano kumilos o magsagawa—may anumang elemento ba ng kaalaman sa sarili ang mga salitang ito? (Wala.) Wala silang layuning kilalanin ang sarili nila o hanapin ang katotohanan. Sa halip, ipinapahiwatig nila: "Dati kong nagagawa nang napakaayos ang mga tungkulin ko, pero mula nang pungusan mo ako, ginulo mo ang isip ko at nilito mo ang pagharap ko sa mga tungkulin ko. Ngayon, hindi na normal ang pag-iisip ko, at hindi na ako kasingmapagpasya o kasingmapangahas gaya ng dati, hindi na ako ganoon katapang, at lahat ng ito ay dahil sa pagkakapungos. Simula nang mapungusan ako, malalim nang nasugatan ang puso ko. Kaya, dapat kong sabihan ang iba na maging

napakaingat sa paggawa ng mga tungkulin nila. Hindi sila dapat magbunyag ng mga kapintasan nila o magkamali; kung magkamali sila, mapupungusan sila, at pagkatapos ay magiging kimi sila at mawawala ang sigla na minsan na nilang taglay. Manghihina nang husto ang mapangahas nilang espiritu, at maglalaho ang kanilang matinding lakas ng loob at pagnanais na ibigay ang lahat ng makakaya nila, iniiwan silang mahina ang loob, takot na takot, at pakiramdam nila ay wala na silang ginagawang tama. Hindi na nila mararamdaman ang presensiya ng Diyos sa puso nila, at mararamdaman nilang lalo silang napapalayo sa Kanya. Kahit ang pagdarasal at pagtawag sa Diyos ay tila hindi masasagot. Mararamdaman nila na wala na ang dati nilang sigla, sigasig, at pagiging kaibig-ibig, at magsisimula pa nga silang hamakin ang sarili nila." Ang mga salitang ito ba ang mga taos-pusong salita na ibinahagi ng isang taong may karanasan? Tunay ba ang mga ito? Nakakapagpatibay o kapaki-pakinabang ba ang mga ito sa mga tao? Hindi ba't pagbabaluktot lang ito sa mga katunayan? (Oo, napakakakatwa ng mga salitang ito.) Sinasabi nila, "Huwag ninyong sundan ang mga hakbang ko o ulitin ang dati kong landas! Nakikita ninyong napakabuti ng pag-uugali ko ngayon, pero sa katunayan, talagang natakot ako matapos ang pagpupungos na iyon at hindi na ako kasinglaya at kasinglibre gaya ng dati." Ano ang epekto ng mga salitang ito sa mga nakikinig? (Dahil sa mga ito, nagiging mas mapagbantay ang mga tao laban sa Diyos, nagiging maingat sila sa pagkilos dahil sa takot na mapungusan.) May ganito silang uri ng negatibong epekto. Matapos marinig ito, iisipin ng mga tao, "Totoo iyan! Isang maliit na pagkakamali lang at mapupungusan ka na—wala kang magagawa para maiwasan ito! Bakit ba napakahirap gumawa ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos? Palagi na lang pinag-uusapan ang tungkol sa mga katotohanang prinsipyo—sobrang daming hinihingi! Hindi ba't ayos na ang mamuhay na lang ng isang simple at matatag na pamumuhay? Hindi naman iyon paghingi nang marami o labis-labis na pag-aasam, pero bakit napakahirap nitong makamit? Sana talaga, hindi ako mapungusan. Napakakimi kong tao; karaniwan, kapag tinitingnan ako nang masama ng mga tao at nagsasalita sila nang malakas, lumalakas na ang kabog ng dibdib ko. Kung talagang mahaharap ako sa pagpupungos at ganoon kaseryoso ang mga salita, hinihimay ang mga katunayan sa ganoong paraan, paano ko ito kakayanin? Hindi ba't babangungutin ako dahil dito? Sinasabi ng lahat na mainam ang pagpupungos, pero hindi ko nakikita kung paano ito naging mainam. Hindi ba't natakot dito ang taong iyon? Kung mapupungusan ako, matatakot din ako." Hindi ba't ito ang epektong dulot ng mga salita ng mga nagbubulalas ng pagkanegatibo? Ang epekto bang ito ay positibo o negatibo? (Negatibo.) Ang ganitong mga negatibong pahayag ay maaaring magdulot ng matinding pinsala sa mga handang hangarin ang katotohanan! Kaya naman, sabihin ninyo sa Akin, mga alipin ba ni Satanas iyong mga madalas na nagbubulalas ng pagkanegatibo at nagpapakalat ng kamatayan? Sila ba ay mga taong nanggugulo sa gawain ng iglesia? (Oo.)

Kumikilos ang ilang tao ayon sa sarili nilang mga ideya at lumalabag sa mga prinsipyo. Pagkatapos mapungusan, nararamdaman nila na sa kabila ng pagsusumikap

nang husto at pagbabayad ng halaga, napungusan pa rin sila, kaya napupuno ng pagsuway ang puso nila, at hindi sila tumatanggap ng paglalantad o paghihimay. Naniniwala silang hindi matuwid ang Diyos at na hindi patas ang sambahayan ng Diyos sa kanila, dahil ang isang kapaki-pakinabang na may talentong tao na tulad nila, na nagtitiis ng napakaraming pagdurusa at nagbabayad ng napakalaking halaga, ay hindi napupuri ng sambahayan ng Diyos at napupungusan pa nga. Mula sa pagsuway nila ay lumilitaw ang mga hinanakit, at pagkatapos ay magbubulalas sila ng pagkanegatibo: “Sa tingin ko, wala nang mas mahirap pa kaysa sa pananampalataya sa diyos; napakahirap talagang makatanggap ng ilang pagpapala at magtamasa ng kaunting biyaya. Nagbayad ako ng napakalaking halaga, pero pinungusan ako dahil sa isang bagay na nagawa ko nang hindi maayos. Kung ang isang taong gaya ko ay hindi kaya ang gampanin, sino pa kaya ang may kaya nito? Hindi ba’t matuwid ang diyos? Bakit hindi ko makita ang pagiging matuwid niya? Bakit labis na hindi umaayon ang pagiging matuwid ng diyos sa mga kuru-kuro ng mga tao?” Hindi nila hinihimay kung ano ang nagawa nila na lumalabag sa mga prinsipyo o kung anong mga tiwaling disposisyon ang naibunyag nila. Hindi lang sila walang kahit katiting na pagsisisi o pagpapasakop—hayagan pa nga silang nanghuhusga at lumalaban. Pagkarinig sa kanilang magsabi ng gayong pahayag, nagsisimula ang karamihan ng tao na medyo makisimpatiya sa kanila at naiimpluwensiyahan nila: “Totoo ito, hindi ba? Dalawampung taon na silang nananampalataya sa Diyos pero naharap pa rin sila sa ganoong pagpupungos. Kung ang isang taong dalawampung taon nang nananampalataya sa Diyos ay maaaring hindi naman maligtas, lalong walang pag-asa ang mga taong tulad natin.” Hindi ba’t nalason na sila? Kapag naibulalas na ang pagkanegatibo, naitanim na ang lason, tulad ng isang butong itinanim sa puso ng mga tao, nag-uugat, sumisibol, namumulaklak, at namumunga sa isipan nila. Bago pa ito mamalayan ng mga tao, nalason na sila, at lumilitaw sa kalooban nila ang paglaban at mga pagrereklamo laban sa Diyos. Kapag napungusan ang mga taong iyon, nagiging masuwayin sila sa Diyos at hindi sila nasisiyahan sa kung paano sila pinangasiwaan ng sambahayan ng Diyos. Sa halip na magkaroon ng saloobin ng pagsisisi at pangungumpisal, sila ay nakikipagtalo, nangangatwiran, at ipinagtatanggol nila ang sarili nila. Ipinapaalam nila sa napakaraming tao kung gaano karaming paghihirap ang tiniis nila, kung anong gawain ang nagawa nila, at kung anong mga tungkulin ang nagawa nila sa loob ng maraming taon ng pananalig nila, at na sa halip na tumanggap ng mga gantimpala ngayon ay nahaharap pa sila sa pagpupungos. Hindi lang sila nabibigong kilalanin mula sa pagkakapungos ang sarili nilang katiwalian at ang mga pagkakamaling nagawa nila, kundi ikinakalat din nila ang ideya na hindi patas at hindi makatwiran ang naging pagtrato sa kanila ng sambahayan ng Diyos, na hindi sila dapat tratuhin nang ganoon, at na kung tinatrato sila nang ganoon, hindi matuwid ang Diyos. Ang dahilan ng pagbubulalas nila ng pagkanegatibong ito ay na hindi nila matanggap ang pagpupungos o ang katunayang nakagawa sila ng mga pagkakamali, lalong hindi nila tinatanggap o kinikilala ang katunayang nagdulot sila ng pinsala sa

buhay pagpasok ng mga kapatid at sa gawain ng iglesia. Naniniwala silang kumilos sila nang tama, at na ang sambahayan ng Diyos ang mali sa pagpupungos sa kanila. Sa pagbubulalas ng pagkanegatibo, nais nilang iparating sa mga tao na hindi patas ang sambahayan ng Diyos sa pagtrato nito sa mga tao: Sa sandaling nagkamali ang isang tao, gagamitin ito ng sambahayan ng Diyos bilang sandata laban sa kanila, sinusunggaban ang isyung ito at pinupungusan sila nang walang awa, hanggang sa puntong maging masunurin sila at isipin nila na wala silang anumang naging mga kontribusyon, hanggang sa mawalan na sila ng tagahanga, hindi na nila pinapahalagahan ang sarili nila, at hindi na sila nangangahas na humiling ng mga gantimpala mula sa Diyos—doon lang makakamit ng sambahayan ng Diyos ang layunin nito. Ang pakay nila sa pagbubulalas ng pagkanegatibong ito ay para ipagtanggol sila ng mas maraming tao, para mas maraming tao ang makaunawa sa “katotohanan ng usapin” at makakita kung gaano katinding pagdurusa ang tiniis nila sa loob ng maraming taon ng pananampalataya sa Diyos, kung gaano kahalaga ang mga naging kontribusyon nila at kung gaano sila kakalipikado, at kung gaano na sila katagal na mananampalataya. Sa ganitong paraan, gusto nilang kampihan sila ng iba sa sama-samang pagsalungat sa mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos at sa naging pagpupungos sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Hindi ba’t ang kalikasan nito ay paghikayat sa mga tao na kumampi sa kanila? (Oo.) Ang layon nila sa pagbubulalas ng pagkanegatibo sa ganitong paraan ay para kampihan sila ng mga tao at ilihis ang mga ito, at ginugulo nila ang gawain ng iglesia para maibulalas ang sama ng loob nila. Anuman ang epekto nito sa huli sa mga tao kapag nagbulalas sila ng pagkanegatibo nila, ang epekto at kinahihinatnan ay na nalilihis at nagugulo ang mga tao, na napipinsala ang mga ito. Hindi ito nakakapagpatibay. Isa itong negatibong epekto.

Kapag nahaharap sa pagpupungos ang mga tao, karaniwang ganito ang mga uri ng pagkanegatibong ibinubulalas nila. Hindi nila matanggap ang pagkakapungos at wala silang kasiyahan at masuwayin sila sa puso nila, at hindi nila ito matanggap mula sa Diyos. Ang una nilang tugon ay hindi ang hanapin ang katotohanan tungkol sa pagpupungos at pagnilayan, kilalanin, at himayin ang sarili nila, para makita kung ano mismo ang ginawa nilang mali, kung umaayon ba sa mga prinsipyo ang mga kilos nila, kung bakit sila pinungusan ng sambahayan ng Diyos, at kung ang ganitong paraan ba ng pagtrato sa kanila ay bunga ng personal na sama ng loob o kung patas at makatwiran ba ito. Ang una nilang tugon ay hindi ang hanapin ang mga bagay na ito—sa halip, ang una nilang tugon ay ang umasa sa kanilang mga kalipikasyon, mga pinagtiisang paghihirap, at paggugol para salungatin ang pagpupungos. Sa paggawa nito, ang lahat ng lumilitaw sa puso nila ay tiyak na magiging negatibo, nang walang anumang positibo. Kaya, kapag nagbabahagi sila tungkol sa mga damdamin at pagkaunawa nila matapos silang mapungusan, tiyak na nagbubulalas sila ng pagkanegatibo at nagpapakalat ng mga kuru-kuro. Ang pagbubulalas ng pagkanegatibo at pagpapakalat ng mga kuru-kuro ay dapat na agarang pigilan at limitahan, hindi kunsintihin at balewalain. Hahadlangan,

guguluhin, at pipinsalain ng mga negatibong bagay na ito ang buhay pagpasok ng bawat tao, at hindi nito magagampanan ang isang positibong papel, lalong hindi nito mapupukaw ang katapatan ng mga tao sa Diyos o ang tapat nilang paggampan sa mga tungkulin nila. Samakatwid, kapag nagbubulalas ng pagkanegatibo ang gayong mga tao, ginugulo nila ang buhay iglesia at dapat silang limitahan.

3. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Kapag Napipinsala ang Reputasyon, Katayuan, at mga Interes ng Isang Tao

Bukod sa pagbubulalas ng pagkanegatibo matapos matanggal o mapungusan, sa ano pang ibang mga sitwasyon nagbubulalas ng pagkanegatibo ang mga tao? (Kapag napipinsala ang mga interes ng mga tao at nararamdaman nilang nawalan sila.) (Maraming taon nang ginagawa ng ilang tao ang mga tungkulin nila, pero kapag nagkakasakit sila o may mga sakunang dumarating sa pamilya nila, sinasabi nila, “Ano ba ang nakamit ko sa pananampalataya sa Diyos sa loob ng napakaraming taon?”) Ang karaniwang “linya” ng mga palagiang negatibo ay “Ano ba ang nakamit ko?” Ano pa ang ibang mga sitwasyon? (Hindi lang nabibigong magkamit ng mga resulta ang ilang tao sa mga tungkulin nila, kundi madalas din silang nagkakamali, kaya sinasabi nila, “Bakit binibigyang-liwanag ng Diyos ang iba pero ako, hindi? Bakit binigyan ng Diyos ng napakahusay na kakayahan ang iba habang ang kakayahan ko ay napakahina?” Sa halip na pagnilayan ang sarili nilang mga isyu, binabaling nila ang pananagutan sa Diyos, sinasabing hindi sila binigyang-liwanag o ginabayan ng Diyos, at patuloy silang nagrereklamo tungkol sa Diyos.) Sinasabi nilang hindi patas ang Diyos, nagtatanong sila kung bakit binibigyang-liwanag at binibigyan ng biyaya ng Diyos ang iba pero sila ay hindi, naghihimutok kung bakit wala silang nakakamit na mga resulta sa mga tungkulin nila—nagrereklamo sila. Maganda ang mga halimbawang ibinigay ninyo. May iba pa ba? (Napupuno ng sama ng loob ang ilang tao kapag naiaayos ang kanilang mga tungkulin, kinukuwestiyon kung bakit ito nangyari, at pinaghihinalaan nila na pinag-iinitan at pinapahirapan sila ng mga lider at manggagawa.) Pakiramdam ba nila ay minamaliit sila ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Natatanggal at natitiwalag ang ilang taong hindi gumagawa ng aktuwal na gawain, at pakiramdam nila ay nasira na ang reputasyon at katayuan nila. Para ilabas ang pagkadismaya nila, palagi silang nagrereklamo sa pribado: “Maikling panahon pa lang akong nananampalataya sa diyos, mahina ang abilidad kong umarok, at mahina ang kakayahan ko. Hindi ko maikukumpara ang sarili ko sa iba. Kung sinasabi nilang wala akong kapabilidad, tiyak na totoo iyon!” Sa panlabas, inaamin nila ang mga pagkukulang nila, pero sa katunayan, sinusubukan nilang maibalik ang nawala nilang mga pakinabang, walang tigil silang nagrereklamo, at nagsasabi ng mga bagay para makuha ang simpatiya ng mga tao at iparamdam sa mga ito na hindi patas ang sambahayan ng Diyos. Sa sandaling mapinsala ang mga interes nila, nag-aatubili na sila, at palagi silang umaasang mabawi ang mga nawala sa kanila at makatanggap ng kabayaran. Kung hindi, nawawala ang pananalig nila sa Diyos at hindi na nila alam kung

paano manampalataya sa Kanya, nagsasabi ng mga bagay tulad ng, “Dati, inakala ko na napakagandang manampalataya sa diyos, at na ang pagkilos bilang isang lider o manggagawa sa iglesia ay tiyak na magdudulot ng malalaking pagpapala. Hindi ko kailanman inasahan na matatanggal at matitiwalag ako, at na itatakwil ako ng iba. Sino ang mag-aakalang mangyayari ang ganitong bagay sa sambahayan ng diyos! Hindi lahat ng nananampalataya sa diyos ay tiyak na isang mabuting tao, at hindi lahat ng ginagawa ng sambahayan ng diyos ay kumakatawan sa diyos o sa katarungan.” Ano ang kalikasan ng ganitong mga pahayag? Ang mga salita nila, hayagan man o hindi, ay nagpapahiwatig ng pambabatikos. Nagpapahiwatig ang mga ito ng paghusga at paglaban. Sa panlabas, tila pinupuntirya ng mga ito ang isang partikular na lider o ang iglesia, pero sa puso nila, ang pinupuntirya talaga ng mga salitang ito ay ang Diyos, ang Kanyang mga salita, at ang mga atas administratibo at panuntunan ng Kanyang sambahayan. Ganap silang nagbubulalas ng sama ng loob nila. Bakit sila nagbubulalas ng sama ng loob nila? Pakiramdam nila ay nawalan sila; sa puso nila, nakakaramdam sila ng pagiging di-patas at pagkadismaya, at gusto nilang makakuha ng mga bagay-bagay at makatanggap ng kabayaran. Bagama’t ang pagkanegatibong ibinubulalas ng gayong mga tao ay hindi isang malaking banta sa nakararami, ang masasamang salitang ito ay tulad ng mga nakakainis na langaw o surot na medyo nakakagulo sa isipan ng mga tao. Karamihan ng tao ay nakakaramdam ng pagkasuklam at pagtutol kapag narinig nila ang mga salitang ito, pero hindi maiiwasang may mga taong kauri ng gayong mga tao, iyong mga may parehong mga disposisyon, diwa, at hilig, na kasingbulok ng gayong mga tao, at na naiimpluwensiyahan at nagugulo ng gayong mga tao. Hindi ito maiiwasan. Bukod pa rito, ang ilang taong mababa ang tayog na walang pagkilatis ay maaaring mabagabag ng mga negatibong komentong ito, at maaaring maimpluwensiyahan ang pananalig nila sa Diyos. Hindi pa alam ng mga taong ito kung para saan ba mismo ang pananampalataya sa Diyos, at hindi malinaw sa kanila ang mga katotohanan ng mga pangitain, at mahina rin ang abilidad nilang makaarok sa katotohanan. Kapag narinig nila ang mga negatibong pahayag na ito, napakalaki ng posibilidad na tatanggapin nila ang mga ito nang hindi namamalayan, kaya naman magdurusa sila sa impluwensiya ng mga ito. Lason ang mga salitang ito. Madaling maitanim ang mga ito sa puso ng mga tao. Sa sandaling tinanggap na ng isang tao ang mga negatibong komentong ito, kapag hiniling sa kanya ng sambahayan ng Diyos na gumawa ng isang tungkulin, tumutugon siya nang walang interes. Kapag hiniling ng sambahayan ng Diyos ang pakikipagtulungan niya tungkol sa isang gampanin, matamlay siya. Gagawin lang niya ito kung gusto niya; kung hindi, hindi niya ito gagawin, at palagi siyang may kung ano-anong dahilan at palusot. Bago niya narinig ang mga negatibong komentong iyon, may kaunting sinseridad sa pananampalataya niya sa Diyos, at may positibo at aktibong saloobin siya kapag ginagawa ang mga tungkulin niya. Pero pagkatapos marinig ang mga negatibong komentong iyon, nawawalan na siya ng interes, at malamig din siya sa mga kapatid niya. Nagiging mapagbantay siya sa mga

kapatid. Kapag isinasaayos ng iglesia na gumawa siya ng isang tungkulin, palagi niya itong iniiwasan at paulit-ulit itong tinatanggihan, nagpapakita ng labis na pagkapasibo. Dati, dumadalo siya sa mga pagtitipon sa tamang oras, pero pagkatapos marinig ang mga komentong iyon, nagiging paminsan-minsan na lang ang pagdalo niya—pumupunta siya kapag maganda ang lagay ng loob niya, pero kapag hindi ay hindi siya pumupunta. Kapag may hindi magandang nangyayari sa tahanan niya, nag-aalala siyang baka may mangyaring sakuna, kaya dumadalo siya sa mas maraming pagtitipon at nagbabasa ng mas maraming salita ng Diyos. Kung natutuwa, nasisiyahan, at naaantig siya pagkatapos magbasa ng mga salita ng Diyos, naghahandog pa nga siya ng kaunting pera. Pero sa sandaling kalmado na ang mga bagay-bagay sa tahanan niya, tumitigil ulit siya sa pagdalo sa mga pagtitipon. Kapag sinusubukan ng mga kapatid na makipagbahaginan sa kanya para suportahan sana siya, nagpapalusot siya para makatanggi; at kapag pumupunta ang mga kapatid sa bahay niya, hindi niya binubuksan ang pinto, kahit na halata namang nasa bahay siya. Ano ang nangyayari dito? Naimpluwensiyahan siya ng mga negatibong komentong iyon—nalason siya at naniniwala na hindi maaasahan ang mga mananampalataya sa Diyos. Noong una, labis siyang nagtiwala sa mga taong ito, at kapag nagbabasa siya ng mga salita ng Diyos, iniisip niya, “Ito ang mga salita ng Diyos, mga kapatid ko ang mga taong ito, ito ang sambahayan ng Diyos—napakaganda nito!” Pero matapos niyang marinig ang mga negatibong komentong ipinapakalat ng ilang tao, nagbago siya. Hindi ba’t naimpluwensiyahan siya? Hindi ba’t napinsala ang buhay pagpasok niya? (Oo.) Sino ang nakaimpluwensiya sa kanya? Ang mga taong nagbubulalas ng pagkanegatibo, iyong mga gumawa ng mga komentong iyon. Kung ang isang tao ay hindi pa nakapagtatag ng matibay na pundasyon sa tunay na daan o hindi pa nakakain at nakainom ng mga salita ng Diyos hanggang sa puntong nauunawaan na niya ang katotohanan, madali siyang maiimpluwensiyahan ng mga negatibong bagay. At sa partikular, iyong mga walang abilidad na umarok sa katotohanan, bagkus ay pinagmamasdan lang ang mga kalakaran, inoobserbahan ang sitwasyon, at tumitingin sa mga panlabas na pangyayari—mas madali silang naiimpluwensiyahan ng mga negatibong salita. Lalo na kapag naririnig nila na nagsasabi ang mga tao ng mga panlilinlang tulad ng, “Hindi naman patas ang sambahayan ng diyos, at hindi positibo ang lahat ng ginagawa ng sambahayan ng diyos,” mas tumitindi ang pagkamapagbantay nila. Ang isang pahayag na umaayon sa katotohanan ay hindi palaging madaling tinatanggap, pero ang isang negatibong pahayag, ang isang kakatwang pahayag, ang isang pahayag na kumokontra sa katotohanan—masyadong madaling maitatanim sa puso ng mga tao ang mga ito, at hindi madaling alisin ang mga ito. Napakahirap para sa mga tao na tanggapin ang katotohanan, pero napakadali para sa kanila na tumanggap ng mga panlilinlang!

Ang ilang taong may masamang pagkatao ay labis na pinapahalagahan ang sarili nilang katanyagan, kasikatan, kasiyahan ng laman, at mga personal na ari-arian at interes. Kapag nagdurusa ng mga kawalan ang reputasyon, katayuan, at mga direktang

interes nila, hindi nila ito tinatanggap mula sa Diyos, o tinatanggap ang kapaligirang inihanda ng Diyos para sa kanila, at hindi nila kayang bitiwan ang mga bagay na ito at balewalain ang personal nilang pakinabang at kawalan. Sa halip, ginagamit nila ang iba't ibang pagkakataon para ibulalas ang kawalang-kasiyahan at pagsuway, at ibulalas ang mga negatibong emosyon nila, na nagdudulot ng matinding pagdurusa sa ilang tao bilang resulta. Samakatwid, kapag nagbubulalas ng pagkanegatibo ang gayong mga tao, dapat munang agarang arukin ng mga lider ng iglesia ang sitwasyon, at maagap na pigilan at limitahan ang mga taong iyon. Siyempre, dapat aktibo ring ilantad ng mga lider ng iglesia ang mga taong iyon, at makipagbahaginan sa mga kapatid tungkol sa kung paano kikilatisin ang mga iyon, at kung bakit sinasabi ng mga iyon ang mga negatibo at kakatwang bagay na ito, pati na rin kung paano tratuhin at kilatisin ang mga salitang ito para maiwasan ng isang tao na malihis at labis na mapinsala ng mga ito. Kinakailangang makilatis at mahimay ang gayong mga tao, at sa gayon ay iwasan at itakwil ang mga ito, at nang hindi na malihis ng mga ito. Ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider ng iglesia. Siyempre, kung matutuklasan ng mga ordinaryong kapatid ang gayong mga tao at makikilatis ang pagkataong diwa ng mga ito, dapat din silang umiwas sa mga ito. Kung wala kang sapat na abilidad para lumaban, o tayog para suportahan, tulungan, at baguhin ang mga taong ito, at nararamdaman mong hindi mo kayang tiisin ang mga negatibong komento nila at ang mga salita nila ng kawalang-kasiyahan at pagsuway, ang pinakamainam na pamamaraan ay ang lumayo. Kung nararamdaman mo na napakalakas mo, na may kaunti kang tayog, at kaya mong kumilatis at manatiling hindi naaapektuhan anuman ang sabihin ng iba, na kahit gaano pa katindi ang pagkanegatibo na ibinubulalas nila, hindi nito mababago ang pananalig mo sa Diyos, na kaya mong kumilatis ng gayong mga tao, at na kaya mo rin silang ilantad at pigilan kapag nagbubulalas sila ng pagkanegatibo—kung gayon, hindi mo kailangang umiwas o maging mapagbantay laban sa gayong mga tao. Pero kung nararamdaman mo na wala kang gayong tayog, ang paraan at prinsipyo sa pagharap sa gayong mga tao ay ang umiwas sa kanila. Madali bang makamit ito? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao, "Puwede ko ba silang pagtiyagaan, pagtiisan, at patawarin?" Ayos lang din iyon, at hindi naman iyon mali, pero hindi iyon ang pinakamahalaga o ang pinakamainam na pagsasagawa. Sabihin nang pinagtitiisan, pinagtitiyagaan, at kinukunsinti mo sila, at sa huli, nalihis ka nila at kumampi ka sa kanila. At ipagpalagay na paano ka man tinutustusan o sinusuportahan ng sambahayan ng Diyos, hindi mo ito nararamdaman; o na kapag nagbabasa ka ng mga salita ng Diyos, madalas kang naiimpluwensiyahan ng mga kaisipan at komento nila, at sa sandaling maisip mo ang isang bagay na sinabi nila, naaapektuhan ang isipan mo, at hindi mo maipagpatuloy ang pagbabasa. At kapag pinagbabahaginan ng mga kapatid ang pagkaunawa nila sa katotohanan—lalo na kapag nakikipagbahaginan sila tungkol sa pagkilatis sa mga komento ng gayong mga tao—muli kang naiimpluwensiyahan at naaapektuhan ng mga salita ng gayong mga tao, na nagdudulot ng kalituhan sa iyong isipan. Kung ganito ang kaso, dapat kang umiwas sa

gayong mga tao. Hindi magiging epektibo ang pagtitiyaga at pagtitiis mo, at hindi ang mga ito ang pinakamahusay na paraan para ipagtanggol mo ang sarili mo laban sa gayong mga tao. Ipagpalagay nang ang pagtitiyaga at pagtitiis mo ay hindi isang balatkayo at panlabas na asal, kundi sa halip ay talagang may sapat kang tayog para harapin ang gayong mga tao. Anuman ang sabihin nila, kahit na hindi ka magsalita, kaya mo pa rin silang kilatisin sa puso mo; kaya mong magtimpi sa kanila at balewalain sila, pero anumang mga negatibong salita o mga salita ng maling pagkaunawa at pagrereklamo tungkol sa Diyos na sinasabi nila ay hindi makakaapekto sa pananalig mo sa Diyos kahit kaunti man lang, ni makakaapekto sa katapatan mo sa paggawa ng tungkulin mo o sa pagpapasakop mo sa Diyos. Kung gayon, maaari mo silang pagtiyagaan at pagtiisan. Ano ang prinsipyo ng pagsasagawa ng pagtitiyaga at pagtitiis? Ang hindi mapinsala. Balewalain sila, hayaan silang sabihin anuman ang gusto nilang sabihin—kung tutuusin, sadyang mga di-makatwirang nanggugulo lang ang gayong mga tao, at walang kahihiyang napakatigas ng ulo nila. Paano ka man makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, hindi nila ito tatanggapin; sila ay sa mga diyablo at kay Satanas, at walang silbi na makipagbahaginan sa kanila. Samakatwid, bago pa man sila paalisin at pakitunguhan ng sambahayan ng Diyos, kung mayroon ka ng tayog na pagtiyagaan at pagtiisan sila nang hindi napipinsala, iyon ang pinakamainam. Karaniwan ba ninyong isinasagawa ang prinsipyong ito ng pagtitiyaga at pagtitiis? Pinagtitiisan ninyo ang iba't ibang uri ng tao, pero kung minsan ay hindi kayo maingat at nalilihis kayo nang kaunti; pagkatapos nito ay namamalayan ninyo ito, nakakaramdam kayo ng pagkakautang sa Diyos, nagdarasal kayo sa loob ng ilang araw, at itinutuwid ninyo ang sarili ninyo, at mas napapalapit kayo sa Diyos. Kadalasan, malinaw ninyong nakikita na walang silbi ang gayong mga tao, at na sila ay sa mga diyablo. Bagama't maaari kang makisalamuha sa kanila nang normal, sa loob-loob mo ay malayo at nasusuklam ka sa kanila. Anuman ang sabihin nila o anumang mga negatibong komento at pananaw ang sabihin nila, nagbibingi-bingihan ka, binabalewala mo ito, at iniisip mo, "Sabihin mo na ang anumang gusto mong sabihin. Kaya kitang kilatisin. Sadyang hindi ako nakikisalamuha sa mga taong kagaya mo." Ito ba ang prinsipyong kadalasan ninyong sinusunod kapag hinaharap ninyo ang gayong mga usapin? Hindi rin masama ang makamit ito; hindi ito madali at nangangailangan ito ng pagkaunawa sa ilang katotohanan at ng pagkakaroon ng isang partikular na tayog. Kung wala ka kahit ng ganitong antas ng tayog, hindi ka makakapanindigan, at hindi mo magagawa nang maayos ang tungkulin mo.

4. Pagbubulalas ng Pagkanegatibo Kapag Nasira ang Pagnanais ng Isang Tao na Magkamit ng mga Pagpapala

May isa pang pagpapamalas ang pagbubulalas ng pagkanegatibo. Sinasabi ng ilang tao, "Napakaraming taon ko nang nananampalataya sa Diyos, at ano ba ang nakamit ko?" Kapag nagbubulalas ng pagkanegatibo ang gayong mga tao, ang pangunahing bagay na sinasabi nila ay, "Ano ba ang nakamit ko?"—ibig sabihin ay wala silang

anumang nakamit. Naniniwala silang napakahirap na makakuha ng ilang pakinabang o pagpapala mula sa sambahayan ng Diyos o mula sa Diyos habang nananampalataya sa Kanya, at na dapat maghandog ang mga tao ng napakalaking pagmamahal at magkaroon ng napakatinding pagtitiis, at hindi maging sabik sa mabibilis na resulta. Tungkol naman sa mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga tao, nagpupungos sa mga tao, nagpipino sa mga tao, at naglilinis sa katiwalian ng mga tao, naniniwala sila na ito ay paimbabaw lamang, matayog pakinggan na retorikang hindi puwedeng lubusang pagkatiwalaan; iniisip nila na kung magsasagawa sila ayon sa mga salita ng Diyos, talagang magdurusa sila ng malaking kawalan. Iniisip nila na ang pagtatamo ng mga pakinabang at kalamangan at ang pagsasakatuparan ng mga adhikain at kahilingan nila ang pinakamahalagang bagay sa lahat ng oras, at talagang hindi mahalaga kung isinasagawa man nila ang katotohanan o hindi—naniniwala sila na hangga't hindi sila gumagawa ng kasamaan, sapat na iyon, at hindi sila ititiwalag ng iglesia. Ano ang nararamdaman ng karamihan ng tao matapos marinig ang mga negatibong salitang ito? Sumasang-ayon at tumatalima ba sila sa mga salitang ito sa loob-loob nila, o nakakaramdam ba sila ng kaunting paghamak sa mga salitang ito, at iniisip na ang mga taong ito ay makasarili, kasuklam-suklam, buktot, at mababang-uri, at kaya nilang kilatisin, ilantad, at limitahan ang mga taong ito, pinipigilan ang mga ito sa patuloy na pagpapakalat ng pagkanegatibo at kamatayan? Nasusuklam ba ang karamihan ng tao at kinokondena ba nila ang gayong mga negatibong salita, o maaari ba silang malihis ng mga ito at maging negatibo? Matapos marinig ang mga salitang ito at makita na wala silang nakakamit, iniisip ng ilang tao, "Totoo iyon! Wala rin akong anumang nakamit. Sa sambahayan ng Diyos, bukod sa pagkain nang tatlong beses kada araw, abala ako sa lahat ng oras, at wala talaga akong nakamit na iba pa." May gayon ba kayong mga kaisipan? Ganoon din ba ang nadarama ninyo? Sasabihin ng mga nakakaunawa sa katotohanan, "Ano ang ibig mong sabihin na wala kang anumang nakamit? Napakarami nating nakamit mula sa Diyos! Naunawaan natin ang napakaraming katotohanan!" Pero maaaring hindi sumang-ayon ang ilang tao sa kanila, sinasabi, "Tila hindi naman makatotohanan na sabihing 'napakarami' nating nakamit. Nakatanggap lang tayo ng kaunting biyaya, nagkaroon ng ilang pagkakataon na gawin ang mga tungkulin natin, nakaunawa ng ilang doktrina tungkol sa kung paano umasal, nakatagpo at nakakilala tayo ng maraming kapatid mula sa iba't ibang lugar, at lumawak nang husto ang pananaw natin. Masasabing kakaunti lang ang nakamit na ito." Saan kayo nabibilang sa mga kategoryang ito? May mga tao sa lahat ng kategoryang ito, tama ba? (Oo.) Tatalakayin natin ito mula sa dalawang anggulo. Una, pag-usapan natin kung ano ang nangyayari sa mga palaging nananampalataya sa Diyos para magkamit ng biyaya—nananampalataya ba sila sa Diyos para hangarin ang pagkakamit ng katotohanan para maaari nilang matamo ang kaligtasan? (Hindi, nananampalataya sila para magkamit ng mga pagpapala.) Kung gayon, katiting ba na biyaya, proteksiyon, kabaitan, kaliwanagan, at pagtanglaw ang ibinigay ng Diyos sa kanila? (Ibinigay sa kanila ng Diyos ang marami

sa mga bagay na ito.) Masasabi na nakatanggap ng proteksiyon ng Diyos ang bawat taong nananampalataya sa Diyos. Kongkreto ba ang proteksiyon ng Diyos? May ilang halimbawa ba nito mula sa tunay na buhay? Anong mga uri ng proteksiyon ang natanggap ng mga tao? (Ang isang medyo malinaw na uri ay na pagkatapos manampalataya sa Diyos, hindi na tayo naiimpluwensiyahan ng mga buktot na kalakaran ng mundo. Hindi tayo nasasadlak sa pagpapasasa sa sarili o naghahangad ng mga buktot na bagay na iyon, tulad ng pagpunta sa mga nightclub, paninigarilyo, pag-iinom, at iba pa. Kahit papaano man lang, hindi tayo nakikisangkot sa mga bagay na ito at naniniwala akong labis tayong protektado sa aspektong ito.) Isa itong napakakongkretong aspekto na nakikita at personal na nararanasan ng mga tao. Ang hindi maimpluwensiyahan at malihis ng mga buktot na kalakaran ng mundo, ang mamuhay bilang isang tao, at ang mamuhay sa loob ng normal na pagkatao nang may wangis ng isang tao—isa itong praktikal na halimbawa at ebidensiya ng proteksiyon ng Diyos. May iba pa ba? (Ang hindi magulo ng masasamang espiritu at ang magawang mamuhay sa ilalim ng proteksiyon ng Diyos.) Isa rin itong praktikal na halimbawa. Nagkaroon na ba ng ganitong karanasan ang karamihan ng tao? Kaya ba ninyong maunawaan ang kahulugang nakapaloob dito? Sinasabi ng ilang tao, “Ang mga walang pananampalataya ay hindi rin nagugulo ng masasamang espiritu. Ilang walang pananampalataya ang nagugulo ng masasamang espiritu?” Tama ba ang pahayag na ito? Nadarama ba ninyong umaayon sa mga katunayan ang pahayag na ito? (Marami-rami na sa mga kaklase ko ang nagulo ng masasamang espiritu. Ang ilan ay nakaranas ng sleep paralysis, at ang iba naman ay nakarinig ng mga boses. Hindi sila nananampalataya sa Diyos at hindi nila alam kung ano ang nangyayari. Kung saan-saan sila nagpapagamot pero hindi ito malunasan, namumuhay sila sa takot at pangamba; labis itong masakit. Gayumpaman, dahil nananampalataya ako sa Diyos simula pagkabata, hindi ako kailanman nagulo o nagdusa sa ganitong paraan. Kadalasan, medyo panatag at payapa ang pakiramdam ng puso ko.) Walang ganitong alalahanin ang mga tunay na mananampalataya sa Diyos. Hindi tayo nag-aalala na maapektuhan ng conversion disorder o na magulo o masapian ng masasamang espiritu; hindi tayo takot dahil nasa atin ang Diyos. Dagdag pa rito, sa tunay na buhay, ang mga walang pananampalataya ay palaging nag-uusap tungkol sa pagbabasa ng mukha, feng shui, at panghuhula—sa Kanluran, may astrolohiya pa nga. Sumasamba ang ilang tao sa mga sikat na estatwa ng Budismo, sa masasamang espiritu, at sa mga idolo, habang ang iba naman ay hindi, pero sumasamba man sila o hindi, naiimpluwensiyahan at nalilimitahan silang lahat ng mga bagay na ito sa ilang antas. Halimbawa, bago lumabas ng bahay, kailangan nilang magsagawa ng kaunting dibinasyon para makita kung alin ang masuwerteng direksiyon at alin ang malas. Kapag nagbubukas ng tindahan, tinutukoy nila kung aling puwesto ng counter ang makakaakit ng pera at kung alin ang hindi, kung anong mga bagay ang dapat ilagay sa tindahan at aling mga idolo ang dapat sambahin para makaakit ng kayamanan, at kung saan ilalagay ang ilang bagay para maiwasang magambala ang feng shui. Kapag lumilipat ng bahay,

dapat nilang tukuyin ang masuwerteng oras ng paglipat para matiyak ang kasaganaan ng pamilya sa hinaharap at maiwasan ang mga kapahamakan, at matukoy kung aling mga oras ang malas. Maging ang mga mag-aaral ay naiimpluwensiyahan ng mga paniniwalang ito kapag kumukuha sila ng mga entrance examination. Sa araw ng pagsusulit, iniiwasan nilang makapagsabi ng mga salitang nagpapahiwatig ng pagkabigo, at sa halip ay dapat silang magsabi ng mga salitang tulad ng “galingan” at “tagumpay.” Ang bawat isang aspekto ng buhay—mula sa pagpasok ng mga bata sa paaralan, hanggang sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga magulang, pagkita ng pera, paglilipat ng bahay, paghahanap ng trabaho, pati na sa pag-aasawa ng mga anak, at iba pa—ay naiimpluwensiyahan ng diumano’y feng shui at kapalaran, at iba pang mga ideya. Kaya, kapag naiimpluwensiyahan ng mga bagay na ito ang mga tao, ano ang naglilimita sa kanila? Nililimitahan sila ng masasamang espiritu; ang lahat ng bagay na ito ay kinokontrol ng masasamang espiritu. Kung gayon, bakit sinasamba ng mga tao ang masasamang espiritung iyon? Bakit sila naiimpluwensiyahan ng mga bagay na ito? Para sa isang napakasimpleng bagay tulad ng paglilipat ng bahay, bakit kailangang palaging pag-isipan nang mabuti ng mga tao kung anong oras ang masuwerte sa paglipat at kung anong oras ang hindi, kung ano ang masuwerteng unang ilipat, at kung ano ang masuwerteng hindi ilipat? Bakit palaging kailangan nilang isaalang-alang ang mga bagay na ito? Kailangan nilang isaalang-alang ang mga ito dahil kung hindi, kikilos ang masasamang espiritu, pahihirapan at sasaktan sila. Ano ang nakikita ninyo mula sa mga usaping ito? Namumuhay ang buong sangkatauhan sa ilalim ng kontrol ng masasama. Sino ang masasama? Ang mas malalaking masasama ay sina Satanas at ang mga diyablo, at ang mas maliliit na masasama ay ang masasamang espiritu sa iba’t ibang lugar, iyong mga kumokontrol sa iba’t ibang lahi ng tao. Ang bawat aspekto ng buhay ng tao ay nililimitahan at kinokontrol ng masasamang espiritung ito. Kahit kapag nagpapatayo ng bahay, kapag naglalagay ng pangunahing biga, nagsasabit ang mga tao ng pulang tela at nagsisindi ng mga paputok para sa kaunting suwerte, at nagsusuot ng pulang damit ang lahat ng trabahador sa konstruksiyon para makaakit ng kasaganaang pinansiyal, at para makaiwas sa mga aksidente. May ilang partikular na hinihingi at kasabihan tungkol sa lahat ng bagay na ito, may mga ipinagbabawal din, at dapat nilang iwasan ang mga ipinagbabawal at sumunod sa mga kasabihang ito. Halimbawa, madalas maharap ang ilang tao sa mga paghihirap at hindi maayos ang takbo ng mga bagay-bagay para sa kanila—nawawalan sila ng trabaho, iniiwan sila ng misis nila, at wala nang natitira sa bahay nila. Ni hindi nila mabayaran ang utang nila sa bahay, at tila walang nangyayaring tama. Wala naman silang ginawang masama, kaya bakit nangyayari ang mga bagay na ito sa kanila? Kapag wala na silang ibang pagpipilian, nauuwi sila sa pagsamba sa mga huwad na diyos at masasamang espiritu, o apurahang naghahanap ng isang taong susuri sa feng shui nila para baguhin ang kapalaran nila, at pagkatapos nilang gawin ito, unti-unting bumubuti ang mga bagay-bagay para sa kanila. Hindi sila naniniwala sa mga bagay na ito dati, pero ngayon,

kapag lumilitaw ang mga problema, taos-puso silang sumasamba sa mga huwad na diyos at masasamang espiritu, at bago sila gumawa ng anumang bagay, dapat muna silang kumonsulta sa mga dibinasyon o panghuhula. Nakakapagod ba ang ganitong pamumuhay? (Oo.) Sobrang nakakapagod ito! Bagama't gusto nila, hindi sila makapamuhay nang malaya at maginhawa, o makaalpas sa mga pagpipigil ng mga kasabihan at panuntunang ito. Kung susuway sila sa mga panuntunang ito, kikilos ang masasamang espiritu at guguluhin sila, at sapilitan silang pinapasupil ng masasamang espiritung iyon, at dapat nilang sambahin ang mga ito araw-araw para maging maayos ang takbo ng buhay nila. Gayumpaman, iyong mga nananampalataya sa Diyos ay hindi nakatali sa mga piyudal na pamahiing ito o sa mga gawain ng masasamang espiritu. Makakalipat sila ng bahay o makapupunta saan man nila gustuhin, nang hindi iniiwasan ang anumang ipinagbabawal. Sa mainland China, palaging inaapi at inuusig ng Partido Komunista ang mga paniniwalang panrelihiyon. Kung hindi na makakapamuhay ang isang mananampalataya sa isang lugar, dapat siyang lumipat kaagad—kailangan ba niyang pumili ng masuwerteng araw o oras para dito o sumamba sa kung ano? Hindi. Magdarasal siya sa Diyos, at poprotektahan siya ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos—hindi sila nakagapos sa mga bagay na ito. Sa tuwing may gusto silang kainin o gusto nilang lumabas ng bahay, kailangan ba nilang kumonsulta sa almanac o tingnan kung may malalabag silang ipinagbabawal? Hindi, nagdarasal sila sa Diyos, at nasa mga kamay ng Diyos ang lahat ng bagay. Kapag namumuhay ang mga tao sa ilalim ng kapamahalaan at kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, nang may proteksiyon at paggabay ng Diyos, hindi makakalapit ang masasamang espiritu at maruruming demonyo, malaki man o maliit; hindi nangangahas ang mga ito na pakialaman iyong mga nananampalataya sa Diyos. Hindi ba't protektado ang mga taong ito? Hindi ba't namumuhay sila nang malaya at maginhawa? (Oo.) Malaki ba ang biyayang ito? (Oo.) Nakamit mo man ang katotohanan o hindi, basta't isa kang taong taos-pusong nananampalataya sa Diyos, isa kang taong pauna nang itinakda at pinili ng Diyos, at kapag lumalapit ka sa Diyos, pinoprotektahan ka Niya nang ganito, tinutulutan kang magtamasa ng gayong biyaya. Napakalaking biyaya nito! Ang personal mong seguridad at lahat ng kilos mo ay napapanatiling ligtas at protektado—pinapanagutan ng Diyos ang mga bagay na ito at pinoprotektahan Niya ang mga ito, kaya hindi mo kailangang mag-alala. Kadalasan, hindi man lang nagdarasal ang mga tao o hindi nila sinasadyang isipin, "Magdarasal ako sa Diyos, at hihilingin ko sa Diyos na protektahan ako. Sana maging maayos ang lahat at walang masamang mangyari." Ni hindi mo na kailangang magdasal. Basta't may simpleng paniniwala ka sa puso mo na, "Nananampalataya ako sa Diyos; ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos," kikilos ang Diyos. Nagtatamasa ang mga tao ng ganoon kalaking biyaya mula sa Diyos—pagkakamit ba ito ng kaunti? (Pagkakamit ito ng napakarami.) Ang Diyos ang nag-iisa at tanging May Kataas-taasang Kapangyarihan sa mundo. Ang buhay mo at lahat ng pag-aari mo ay nasa mga kamay ng Diyos, nasa mga kamay ng May Kataas-taasang Kapangyarihang

ito, payapa, panatag, at kalmado ang puso mo, at hindi mo kailangang mag-alala tungkol sa anumang bagay. Kahit gaano pa karaming kaalaman ang mayroon ka tungkol sa Diyos o kahit gaano karaming katotohanan ang nauunawaan mo, lubos kang makakatiyak dito sa puso mo. Ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos. Kung ang mga mananampalataya sa Diyos ay may puwang para sa Kanya sa puso nila at nauunawaan nila ang katotohanan, hindi nangangahas ang masasamang espiritu na manggulo, maminsala, o lumapit sa kanila. Dahil dito, hindi na kailangang gawin pa ng mga mananampalataya ang mga di-kinakailangang prosesong iyon. Napakalaking biyaya nito—paanong nasasabi mo pa rin na wala kang nakamit mula sa pananampalataya sa Diyos? Hindi ba't wala kang konsensiya? Kahit hindi na tingnan ang iba pang bagay, ang sabihin lang na walang nakamit ang isang tao ay nagpapatunay ng lubos na kawalan niya ng konsensiya, at nagpapatunay ito na lubos na masama ang konsensiya niya; wala nang kailangang sabihin pa tungkol sa iba pa.

Malayang ipinagkakaloob ng Diyos sa mga tao ang katotohanan at buhay, ibinibigay ang Kanyang mga salita sa mga tao nang walang hinihinging anumang kapalit. Bagama't maaaring maramdaman ng mga tao na mababa pa ang tayog nila, na hindi pa nila lubos na nauunawaan ang katotohanan, at na hindi nila maipahayag nang malinaw ang kaunting nauunawaan nila, ang mga bagay lang na ito na ibinigay ng Diyos sa kanila, ang pagkagiliw at pagmamahal na ito—napakalaking biyaya nito! Ibinigay ng Diyos sa mga tao ang mga pinakaimportanteng bagay; natanggap ng mga tao mula sa Diyos ang pinakamahahalagang bagay sa mundo. Naramdaman mo man ito o hindi, ibinigay na ng Diyos ang mga ito sa tao. Ano pa ang maireklamo ng mga tao? Karapat-dapat ba silang makatanggap ng mga bagay na ito? Iyong mga pinili ng Diyos ang pinakamasasayang tao sa mundo. Pinili at hinirang ka ng Diyos; isa ka sa mga pinakamasaya at pinakamapalad na tao sa mundo. Paanong nasasabi mo na wala kang nakamit? Naging isa ka sa mga pinakamasaya at pinakamapalad na tao dahil pinili at hinirang ka ng Diyos, kaya naman, hindi nangangahas ang masasamang espiritu at maruruming demonyo na lumapit sa iyo. Tinatanong ng ilang tao, "Ibig bang sabihin nito ay naging marangal ang katayuan at pagkakakilanlan ko?" Puwede ba itong sabihin? Hindi, dahil ang lahat ng ito ay dahil sa pagmamahal at mga kilos ng Diyos. Napakarami nang nakamit ng mga tao! Sa buhay na ito pa lang, napakarami nang nakamit ng mga tao; paano nga ba naging kalipikado ang mga tao na tanggapin ang lahat ng ito? Ang ilang nananampalataya sa Diyos ay hindi talaga naghahangad sa katotohanan at palagi pa rin nilang sinasabi, "Ano ba ang nakamit ko mula sa maraming taon ng pananampalataya sa Diyos?" Hindi mo ba ito kayang kalkulahin nang mag-isa? Alam mo sa puso mo kung nauunawaan mo ang katotohanan, kung gaano nabawasan ang kasamaang nagawa mo, at higit pa rito, alam mo sa puso mo kung gaano kalaking biyaya ang natamasa mo. Kung malinaw sa puso mo ang mga puntong ito, hindi ka magsasabi ng mga bagay na napakawalang-konsensiya. Sinasabi rin ng ilan, "Ang sambahayan ng Diyos din ang nagbibigay ng pagkain, damit, at tirahan ko." Hindi ba't napakaliit nito kumpara sa biyaya at proteksiyon

ng Diyos? Hindi ba't hindi na ito nararapat pang banggitin? Gayumpaman, nararamdaman niyong mga may konsensiya na bagama't hindi na ito nararapat pang banggitin, bahagi pa rin ito ng biyaya ng Diyos. Hindi masusukat ang biyaya ng Diyos; napakaraming ibinigay ng Diyos sa mga tao! Tungkol naman sa mga materyal na bagay na iyon, mula sa perspektiba ng Diyos, ni hindi na Niya binibilang ang mga iyon.

Ang isang aspekto ng mga kilos ng Diyos ay ang protektahan ang mga tao, at ang isa pa ay ang akayin sila sa landas ng kaligtasan para mailigtas sila. Natamasa ng mga tao ang layuning ito ng Diyos at ang Kanyang pagmamahal sa kanila, at pinagkalooban sila ng Diyos ng masaganang biyaya! Dagdag pa rito, may isang bagay na siyang pinakamahalaga: ang katotohanang ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao, sa partikular, ang mga salitang walang sinuman sa kasaysayan ng sangkatauhan, sa anumang kapanahunan, ang nakarinig o nakatanggap. Ilang beses mang nilikha ng Diyos ang sangkatauhan, hindi Niya kailanman ginawa ang gawaing ito o sinabi ang mga salitang ito. Ang lahat ng misteryong may kinalaman sa sangkatauhan, kung ano ang kayang tiisin, intindihin, at unawain ng mga tao—sinabi ng Diyos ang lahat ng ito sa inyo. Masusukat ba ang mga misteryong ito, ang mga katotohanang ito, sa anumang halaga? Hindi masusukat ang mga ito; hindi mauubos ng mga tao ang pagtatamasa nila kahit maraming buhay pa ang lumipas. Bakit Ko sinasabi ito? Ito ay dahil ang mga salitang ito mula sa Diyos ang pundasyon para sa pag-iral ng mga tao, at maaaring umiral ang mga ito magpasawalang-hanggan. Kung talagang mapalad ka na manatiling buhay at mamuhay magpasawalang-hanggan, matutustusan ka ng mga salita at katotohanang ito mula sa Diyos nang walang-hanggan. Ano ang ibig sabihin ng magpasawalang-hanggan? Ang ibig sabihin nito ay ang pagiging hindi nalilimitahan ng oras, ang pagkawalang-hanggan. Kung bibigyan natin ito ng literal na kahulugan, nangangahulugan ito ng kawalan ng hangganan—ang pamumuhay nang walang-hanggan, tulad ng Diyos Mismo. Maaaring umiral ang mga salita at katotohanang ito mula sa Diyos hanggang sa panahong iyon. Ang "panahong iyon" ay isang konsepto at depinisyon ng oras na ipinapahayag sa wika ng tao, pero nangangahulugan talaga ito ng walang katapusan. Sabihin ninyo sa Akin, malaki ba o hindi ang halaga ng mga salitang ito mula sa Diyos? Napakalaki nito! Kung hindi mo hahangarin ang mga ito, kawalan mo ito; kahangalan mo ito. Pero kung hahangarin mo ang mga ito, magkakaroon ng halaga ang mga salitang ito para sa iyo na lampas pa sa habambuhay na ito; umaabot ito sa magpasawalang hanggan. Palaging magiging epektibo at kapaki-pakinabang ang mga ito para sa iyo, at magkakaroon ang mga ito ng halaga at kabuluhan magpakailanman, magtutustos sa iyo magpasawalang-hanggan. Kung mauunawaan mo ang mga salitang ito, kung matatamo mo ang mga ito, at mamumuhay ka ayon sa mga ito, magagawa mong mabuhay magpasawalang-hanggan. Sa mas simpleng pananalita, mababuhay ka magpakailanman nang hindi natitikman ang kamatayan. Hindi ba't isa itong bagay na pinapangarap ng mga tao? Lilipas ang napakaraming kapanahunan, mamamatay ang napakaraming tao, pero mananatili ka pa ring buhay. Sa anong paraan ka mananatiling buhay? Sa pamamagitan

ng mga salita ng Diyos, sa pamamagitan ng katotohanan, magkakaroon ka ng mga kalipikasyong patuloy na mabuhay nang ganito. Ano ang gagawin mo sa tuloy-tuloy na buhay na ito? May atas ka ng Diyos, pamumuno ng Diyos, at may misyon ka rin. Ano ang misyon mo? Sa pamamagitan ng pagsasabuhay mo sa Kanyang mga salita, gusto ng Diyos na luwalhatiin mo Siya at maging patotoo ka para sa Kanya. Ito ang halaga ng mga salita ng Diyos. Ang halaga at kabuluhan ng katotohanan at mga salitang naririnig, nakakaugnayan, at nararanasan ng mga tao sa kapanahunang ito ay iiral magpasawalang-hanggan. Bakit iiral ang mga ito magpasawalang-hanggan? Ang mga salitang ito ng Diyos ay hindi isang teolohiya, teorya, islogan, o isang uri ng kaalaman, kundi ang mga salita ng buhay. Hangga't natatamo mo ang mga salitang ito, hangga't namumuhay ka ayon sa mga ito, at nananatili kang buhay sa pamamagitan ng mga ito, tutulutan ka ng Diyos na patuloy na mabuhay at hindi ka hahayaang mamatay. Ibig sabihin, hindi ka Niya wawasakin o babawian ng buhay—hahayaan ka Niyang patuloy na mabuhay. Hindi ba't napakalaking pagpapala nito? (Oo, napakalaki.) Sa pamamagitan ng mga salitang ito, gusto ng Diyos na ipatikim muna sa iyo ang pagpapalang ito sa buhay na ito at matamo ito sa darating na mundo. Ito ang pangako ng Diyos. Kung isasaalang-alang ang napakalaking ipinangako ng Diyos sa sangkatauhan, marami na bang natanggap ang mga tao? (Oo.) Nangako nang ganoon kalaki ang Diyos sa sangkatauhan, ipinaalam Niya ito sa lahat. Sinabi na Niya sa iyo ang tungkol dito, tinutulutan kang pumunta at malayang kuhanin ito. Hindi mo kailangang isakripisyo ang buhay mo o ibigay ang lahat ng ari-arian mo; kailangan mo lang makinig sa mga salita ng Diyos, at kumilos ayon sa mga hinihingi at ninanais ng Diyos, at maaari mong matanggap ang pangakong ito mula sa Diyos. Hindi ba't napakarami nang ibinigay ng Diyos sa sangkatauhan? Kasalukuyan kang nasa landas ng pagtatamo sa pangakong ito: Bagama't hindi mo pa ito ganap na natatanggap, kakaunti ba ang natanggap mo? Kung titingnan ang ipinangako ng Diyos sa sangkatauhan, napakarami nang natanggap ng mga tao. Napakalaking kalamangan na ang nakamit nila; hindi talaga sila natalo o nagdusa ng anumang kawalan. Naglaan lang sila ng kaunting oras, at maaaring nakaranas ng kaunting pagkapagod ang laman nila. Maaaring nagsakripisyo sila ng ilang personal na kasiyahan sa tahanan, mga personal na kagustuhan ng laman at mga pagnanais, nagsuko ng ilan sa sarili nilang mga adhikain, interes, at kahilingan, at iba pa. Gayumpaman, kung ikukumpara sa pag-unawa sa katotohanan, pagtamo ng kaligtasan, at pagtanggap sa pangako ng Diyos, ang lahat ng personal na kinabukasan, layon, at adhikain na iyon ay hindi na dapat pang banggitin, dahil dadalhin ka lang ng mga ito sa impiyerno, at hindi ipagkakaloob ng Diyos ang Kanyang pangako sa iyo para sa mga bagay na iyon. Sa kabaligtaran, kapag naglalaan ang mga tao ng limitadong oras, ng isang halaga na handa sila at kaya nilang bayaran, sa huli ay nauunawaan nila ang katotohanan, at naaarok ang ilang misteryo, prinsipyo para sa sariling asal, ang ilang diwa at ugat na sanhi ng lahat ng pangyayari at bagay, at iba pa, na hindi nauunawaan ng sangkatauhan simula nang lumikha ang Diyos. Lalong higit pa rito, nagkakamit sila ng kaunting kaalaman tungkol sa Diyos at

nagkakaroon ng takot sa Kanya. Sa pagtatamo sa lahat ng ito, hindi ba't sulit ang magbayad ng gayong halaga? Ano ang mga hinanakit ng mga tao? Bakit sinasabi nilang wala silang nakakamit mula sa pananampalataya sa Diyos? Hindi ba't ganap nang nabulok ang konsensiya nila? Napakarami mo nang nakamit, pero hindi ka pa rin kontento. Ano pa ba ang gusto mo? Masisiyahan ka ba kung magiging presidente o bilyonaryo ka? Kung ibibigay sa iyo ng Diyos ang mga bagay na iyon, hindi ka na mahihirang ng Diyos. Ayaw ng Diyos na magkamit ng ganitong mga tao.

Palaging sinasabi ng mga tao na wala silang nakamit mula sa pananampalataya sa Diyos, na nagpapakita na sila ay walang konsensiya, walang anumang abilidad na maarok ang katotohanan, hindi naghahangad sa katotohanan, at napakababa ng karakter nila. Walang dalisay na pagkaarok ang gayong mga tao sa ginagawa ng Diyos, sa hinihingi ng Diyos sa mga tao, at sa ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao, pati na rin sa iba pang mga bagay. Sa huli, kapag may nangyayari na bahagyang nakakapagpadismaya sa kanila, biglang sumasabog ang labis-labis na galit na naipon nila: "Ano ba ang nakamit ko mula sa pananampalataya sa Diyos? Labis na nagdusa ang laman ko. Ginawa ko ang anumang mga tungkuling itinalaga sa akin ng iglesia. Gaano man kahirap o kanakakapagod, hindi ako kailanman nagreklamo; gaano man kalaki ang mga paghihirap, wala akong sinabing anuman kailanman. Hindi ako kailanman humingi ng kahit ano sa sambahayan ng Diyos. Sa dakilang pagmamahal at katapatan ko, ano ba ang nakamit ko? Kung kahit ako ay walang nakamit, mas lalong walang pag-asa ang iba na makapagkamit ng anuman!" Ang ipinapahiwatig ay: "Hindi kayo naghandog ng kasingdami ng inihandog ko, hindi kayo nagbayad ng halagang ibinayad ko; kung kahit ako ay walang nakamit, ano pa kaya ang makakamit ninyo? Kailangang mag-ingat kayong lahat; huwag kayong maging hangal!" Hindi ba't walang konsensiya ang gayong mga tao? Ang isang taong walang konsensiya ay palaging bumibigkas ng mga salita ng kahangalan at katigasan ng ulo. Hindi niya maarok ang kahit isa sa lahat ng napakaraming katotohanang sinabi ng Diyos, o sa lahat ng napakaraming dalisay at positibong bagay at pahayag, sa halip ay mahigpit siyang kumakapit sa sarili niyang mga pananaw: "Nagtitiis ako ng mga paghihirap at nagbabayad ng halaga para sa Diyos, kaya dapat akong pagpalain ng Diyos, at dapat Niya akong tulutan na magkamit nang higit pa kaysa sa iba. Kung hindi, magbubulalas ako, sasabog ako, at magmumura ako! Dapat ipagkaloob ng Diyos sa akin ang anumang gusto ko, at kung hindi ko ito makukuha, hindi matuwid ang Diyos, at sasabihin kong wala akong nakamit—ito ay pagsasabi ng pawang katotohanan!" Hindi ba't wala siyang pagkatao? Ang mga salita ng isang taong walang pagkatao ay tiyak na hindi matibay, lalong hindi ito umaayon sa katotohanan; ang huli ay napakalaking kahilingan para sa kanya. Ang mga salitang sinasabi ng isang tao ay dapat na mga lehitimong kahilingan, mga lehitimong pahayag, hindi mga baluktot na argumento; dapat makapanindigan ang mga ito, sinuman ang makinig o sumuri sa mga ito. Gayumpaman, hindi matibay ang mga salita at kilos ng mga taong may mahinang pagkatao. Kapag nagmamaktol sila at nagbubulalas ng mga

hinanakit nila, iniisip ng ilang tao, “Bakit nila sinasabing wala silang nakamit? Maaari kayang inagrabyado sila sa anumang paraan ng sambahayan ng Diyos? Maaari kayang ang ilang pagkilos ng sambahayan ng Diyos ay hindi nakaayon sa mga prinsipyo at hindi maaaring isiwalat? Mukha namang kayang-kaya ng taong iyon na magtiis ng mga paghihirap at magbayad ng halaga nang nakasanayan, pero ngayon ay sumabog siya nang napakatindi, sinasabing wala siyang nakamit; mukhang wala nga siyang nakamit. Hindi ba’t pagpapagalit ito sa isang taong may mabuting asal? Kung gayon, mas mabuti pang mag-ingat ako; hindi ako dapat magtiis ng gayong paghihirap o magbayad ng gayong halaga gaya ng dati kapag ginagawa ang mga tungkulin ko!” Ganito naiimpluwensiyahan ang ilang taong magulo ang isip at walang pagkilatis.

Para sa mga taong madalas magbulalas ng pagkanegatibo, kung talagang may mga pananaw o ideya silang nais ipahayag, hayaan silang magsalita muna at isiwalat ang mga pananaw nila. Kapag nakapagsalita na sila, mauunawaan ng lahat: “Pakiramdam nila, ang halagang ibinayad nila ay hindi katumbas ng nakamit nila. Pakiramdam nila na wala silang nakamit na anumang mga pakinabang at na nagdusa sila ng mga kawalan, kaya umaayaw na sila. Nagrereklamo sila tungkol sa Diyos, umaasang makipagtawaran sa Diyos, humihingi ng biyaya at mga pakinabang!” Makikilatis ba ng karaniwang tao ang gayong tao kapag narinig niya itong magsalita? Sa sandaling nakikilatis na siya ng lahat, sabihin sa taong iyon: “Tapos ka na bang magsalita? Kung wala ka nang sasabihin pa, tumahimik ka na, o magmumukha ka lang na isang hangal. Kung malalantad ang buktot mong kalikasan sa harap ng lahat ng tao at hindi mo agarang mapipigilan ito, mag-uudyok ito ng galit ng publiko. Kapag inilantad at itinakwil ka ng lahat, magiging huli na para magsisi.” Bigyan siya ng babala sa ganitong paraan, at sa paggawa nito, malilimitahan mo na siya. O kaya naman, puwede mo ring sabihin: “Kung pakiramdam mo ay natalo ka, hindi mo kailangang manampalataya sa Diyos. Pakiramdam mo ay wala kang anumang nakamit, kaya ano ba mismo ang gusto mong makamit? Kung ito ay ang kumita nang malaki at maging mayaman, o humawak ng mataas na posisyon, pasensiya na, pero ang mga bagay na ito ay hindi matatamo dahil lang sa gusto ng isang tao; ito ay mga bagay na inorden ng Diyos. Ang pagpapakita ng Diyos at ang Kanyang gawain ng pagliligtas sa tao ay hindi tungkol sa pagbibigay sa mga tao ng mga bagay na ito. Pumunta ka kung saan mo man makukuha ang mga ito; ang sambahayan ng Diyos ay hindi ang mundo, hindi nito kayang bigyang-kasiyahan ang mga diyablo at Satanas. Mas mabuti pang huwag kang humingi ng gayong mga bagay mula sa sambahayan ng Diyos, huwag din mula sa mga kapatid; kung mangangahas kang hingin ang mga bagay na ito sa Diyos, masasalungat mo ang Kanyang disposisyon at mapupukaw mo ang Kanyang galit. Ito ay dahil napakaraming biyaya na ang ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao, at pinagkalooban na Niya ang mga tao ng mas marami pang katotohanan para maging buhay nila. Ang hindi mo pagpapahalaga sa pagkakamit sa katotohanan ay kahangalan at kamangmangan mo.” Pinagsasabihan at pinupungusan siya ng lahat sa ganitong paraan. Ano ang palagay mo sa ganitong pagsasagawa? O kaya naman,

puwede mong sabihin: “Walang utang ang sambahayan ng Diyos sa iyo. Pawang boluntaryo ang paggugol mo para sa Diyos at ang paggampan mo sa mga tungkulin mo. Alam mo ba kung gaano karaming biyaya ang natamasa mo mula sa Diyos mula nang manampalataya ka sa Kanya at gumawa ka ng mga tungkulin? Kung may konsensiya ka man lang, hindi mo dapat sabihin sa Diyos na wala kang nakamit; dapat kang lumapit sa Diyos at kilalanin ang sarili mong mga problema. Kung tunay kang naniniwala na ang Diyos ang katotohanan, na ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay ang katotohanan at ang Kanyang mga salita ay ang katotohanan, hindi mo dapat sinasabi ang mga bagay na iyon; hindi ka dapat nagrereklamo. Ang kasalukuyan mong saloobin ay hindi ang nararapat na taglayin ng isang nananampalataya sa Diyos, ni hindi ito ang saloobin na dapat mayroon ang isang taong naghahanap sa katotohanan. Sinusubukan mong maghimagsik, muling buhayin ang mga dati mong problema sa Diyos! Sinusubukan mong putulin ang ugnayan mo sa Diyos, para makipagtuos! Pero walang utang ang Diyos sa iyo, gayundin ang sambahayan ng Diyos. Kung makikipagtuos ka sa sambahayan ng Diyos, bilisan mo at umalis sa Kanyang sambahayan. Huwag mong inisin ang sambahayan ng Diyos, kung hindi ay mapupukaw mo ang Kanyang poot at ikaw ay papabagsakin Niya. Hindi magiging magandang kahihinatnan iyon. Kung mayroon kang anumang konsensiya o katwiran, dapat kang huminahon para magdasal at maghanap, para makita kung may anumang mali sa perspektiba sa likod ng paghahangad mo sa pananampalataya mo sa Diyos, at kung ang landas na tinatahak mo ay ang landas na hinihingi ng Diyos na tahakin mo. Napakarami mong di-makatwirang hinihingi sa Diyos, napakatindi ng sama ng loob mo; ipinapahiwatig nito na may problema sa paghahangad mo. Hindi mo inipon ang ganoon katinding sama ng loob sa loob lang ng isa o dalawang araw; matagal na panahon na itong naiipon. O marahil lumalapit ka sa Diyos nang may maling pananaw sa isipan mula pa noong nagsimula kang manampalataya sa Kanya, at anuman ang sinabi Niya, naging manhid ka, at bilang resulta ay wala kang nararamdamang anumang pagsisisi o pagkakautang. Marahil iyon ang dahilan kung bakit nagkaganito ang mga bagay-bagay ngayon. Mas mabuti pang magmadali kang mangumpisal at magsisi; may oras pa para magsisi. Kung hindi, at magpapatuloy kang gumawa ng kasamaan at magbulalas ng pagkanegatibo, ikaw ay magiging isang diyablo, isang anticristo. Kapag pinaalis ka ng sambahayan ng Diyos, mawawalan ka na ng anumang pagkakataong maligtas—ang kinokondena ng sambahayan ng Diyos ay kinokondena rin ng Diyos. Ibinibigay namin sa iyo ang babalang ito bilang pagsasaalang-alang sa abilidad mong magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga sa loob ng maraming taon ng pananampalataya mo sa Diyos. Binibigyan ka namin ng pagkakataon. Kung ipipilit mo ang sarili mong paraan at tatangging makinig sa payo, at magpapasya ang sambahayan ng Diyos na paalisin ka, hindi ka na magiging isang kapatid. Mawawalan ka na ng pag-asang maligtas. Kapag dumating ang panahong iyon, talagang wala ka nang makakamit. Huwag kang magsisisi kapag dumating ang panahong iyon. Ang pinakamahalaga para sa iyo ngayon ay ang ituwid ang iyong mga kaisipan, pananaw, at

ang direksyon ng paghahangad mo. Huwag mo nang palaging hangarin na may makakamit ka. Pakinggan mo ang mga salita ng Diyos; tingnan kung gaano karami sa mga inilalantad ng Diyos tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao ang maaari mong pagnilayan at kilalanin sa sarili mo. Nalutas mo na ba ang mga problemang natutukoy mo sa sarili mo, ang mga malinaw mong nakikita? Natukoy mo na ba ang paghihimagsik mo laban sa Diyos? Nalutas mo na ba ito? Ang pinakamalaking problemang kinakaharap mo ngayon ay na palagi mong gustong makipagtuos sa Diyos—ano ang problemang ito? Hindi ba't isa itong problema na kailangang malutas? Nananampalataya ka sa Diyos na palaging may ilang intensiyon, nang may pakikipagtransaksiyon sa isipan mo; palagi kang sabik na magkamit ng mga pagpapala, umaasang maipagpapalit ang pagsisikap, paggugol, at pagdurusa ng laman para sa mga pagpapala ng kaharian ng langit—hindi ba't ito ang lohika ng isang bandido? Bakit hindi mo tingnan kung anong uri ng mga tao ang pinagkakalooban ng Diyos ng mga pagpapala, kung ano ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao, kung ano ang sinabi ng Diyos sa mga tao, at kung ano ang kailangang makamit ng mga tao para matanggap ang mga pangako ng Diyos? Kung tunay kang nananampalataya sa Diyos at tunay na gusto mong maligtas, huwag mo palaging subukan na may makamit ka mula sa Diyos. Kailangan mong tingnan kung gaano karami sa mga salita ng Diyos ang naisagawa mo, at kung isa kang taong sumusunod sa mga salita ng Diyos. Ang pagsunod sa mga salita ng Diyos ay ang magsagawa at mamuhay ayon sa mga hinihingi ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo, hindi lang ang magdusa nang kaunti sa pisikal at magbayad ng maliit na halaga. Hindi nalulutas ang tiwali mong disposisyon, at may mga intensiyon sa lahat ng halagang ibinabayad mo at sa lahat ng paghihirap na dinaranas mo. Hindi ito sinasang-ayunan ng Diyos; ayaw Niya ng gayong halaga. Kung ipipilit mong makipagtuos sa Diyos, kung ipipilit mong makipagtalo at makipagtunggali sa Diyos, sinasalungat mo ang disposisyon Niya, at hahayaan Niyang makuha mo ang gusto mo, papunta sa impiyerno para maparusahan. Ito ang ganting-parusa sa paggawa ng kasamaan. Nagtamasa ka ng maraming pagpapala at biyaya mula sa Diyos, at binigyan ka Niya ng kaunting natatanging materyal na pagtrato. Natanggap mo na ang dapat mong matanggap—ano pa ba ang gusto mo mula sa Diyos?" Kung ibabahagi mo ang mga salitang ito, hindi ba't mababawasan nang kaunti ang pagrereklamo ng isang taong may kaunting konsensiya at katwiran kapag narinig niya ang mga ito? Ang mga salitang ito ba ay mga salita ng dalisay na pagkaarok na naaayon sa katotohanan? (Oo.) Kung may pagkatao at katwiran ang isang tao, mauunawaan at matatanggap niya ang mga ito. Tanging iyong mga walang pagkatao, iyong mga walang konsensiya at katwiran, ang mag-iisip na sinusubukan silang lansihin ng mga salitang ito, na ang mga ito ay matayog pakinggan na retorika, hindi nararapat paniwalaan, at na ang mga ito ay hindi kasingkapaki-pakinabang na kongkreto tulad ng nakikitang biyaya o mga materyal na pagpapala. Kaya, bago nila makita ang mga kongkretong pakinabang na iyon, walang silbi ang anumang sabihin mo; hindi nila ito tatanggapin. Maaaring hindi nila ito kontrahin

kapag nakaharap ka, pero kapag nakatalikod ka, patuloy pa rin silang manlalaban sa puso nila, magbubulalas ng pagkanegatibo paminsan-minsan, ipagyayabang ang sarili nilang mga ambag, bibilangin ang mga paghihirap na tiniis nila, gayundin kung paano sila tinatrato ng sambahayan ng Diyos, kung paano nila tinitiis ang sambahayan ng Diyos—palagi nilang kinikimkim sa puso nila ang mga bagay na ito. Anuman ang nangyayari sa kanila, hangga't hindi nila natatanggap ang ninanais nila, sumasambulat ang pagkamabagsik nila, sumasabog ang galit nila, na naglalantad sa kahiya-hiya nilang pag-uugali, at nagbubulalas sila ng pagkanegatibo. Dapat mo pa rin bang subukang hikayatin ang gayong tao? Kung, pagkatapos ng simpleng panghihikayat ay ipinapakita pa rin niya ang ganoong karakter, bumabalik ang mga dati niyang problema, at muling sumisiklab ang pagkamaladiyablo niya, ano ang dapat gawin? Panahon na para magpataw ng mga limitasyon. Huwag silang bigyan ng pagkakataong magsisi. Para silang mga bulok na kahoy; sila ay mga sawimpalad na hangal at matigas ang ulo. Ano ang ibig sabihin ng "hangal, matigas ang ulo na sawimpalad"? Ibig sabihin nito na hindi nila tinatanggap ang dalisay na daan at ang mga positibong bagay. Sa halip, niyayakap nila ang mga baluktot na argumento, maling paniniwala, at panlilinlang, kumakapit sa sarili nilang mga pananaw na makapagkamit ng mga kongkretong pakinabang, magsamantala, at hindi magdusa ng mga kawalan. Paano man pagbahaginan ng sambahayan ng Diyos ang katotohanan, palagi nilang sinasabi, "Lahat ng salitang iyon ay magandang pakinggan. Sino ba ang hindi makakapagsabi ng kaunting magandang bagay? Kung natalo ka, hindi mo iyan sasabihin." Mahigpit silang kumakapit sa gayong mga pananaw, at kapag may hindi kanais-nais na nangyayari o nawalan sila, pakiramdam nila ay wala silang anumang nakamit mula sa pananampalataya sa Diyos, at magbubulalas silang muli ng pagkanegatibo. Dapat pa rin ba silang bigyan ng pagkakataon? Wala nang pagkakataon. Kung hindi nila gagawin nang maayos ang mga tungkulin nila, sa halip ay ginugulo nila ang iba, agad-agad silang pigilan at limitahan. Huwag silang hayaang magsalita nang malaya. Kung patuloy silang magpapakalat ng pagkanegatibo at manggugulo sa iba, huwag na silang bigyan ng konsiderasyon. Agad silang alisin. Hindi naman ito pagiging hindi mapagmahal, hindi ba? (Hindi.) Isinubo na sa kanila ang katotohanan sa pagbabahaginan, pero hindi nila ito matanggap, paano man ito pagbahaginan—ano ang ipinapahiwatig nito? Sa panlabas, ang taong ito ay tila isang hindi mananampalataya, pero sa diwa, isa siyang diyablo. Pumunta siya sa sambahayan ng Diyos para humingi ng biyaya at mga pagpapala mula sa Diyos, para magkamit ng mga pakinabang, at hindi siya titigil hangga't hindi niya nakakamit ang mga ito. Kung wala siyang nakamit na anumang mga pakinabang matapos manampalataya sa loob ng ilang panahon, sasabog ang mga satanikong disposisyon niya; ilalabas niya ang pagkadismaya niya sa Diyos, gagawa ng kasamaan, at magdudulot ng mga kaguluhan. Isa itong diyablo. Ang kaunting pagdurusa at paggugol na ginawa niya ay likas na hindi ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Ang mga ito ay ganap na tungkol sa pakikipagkasunduan, tungkol sa pagkamit ng mga pakinabang at pagpapala para sa

sarili niya. Kapag sumasapit ang mga bagay-bagay sa mga palaging gustong may makamit mula sa pananampalataya nila sa Diyos, at negatibo at mahina sila, palagi nilang sinasabi, “Wala akong nakamit sa pananampalataya sa Diyos.” Pagkatapos, sumusuko sila at nagsisimulang kumilos nang walang pakundangan, naglalayong maghiganti, at madalas na nagbubulalas ng pagkanegatibo para ilabas ang mga emosyon nila ng kawalang-kasiyahan. Napagbahaginan na natin kung paano tatratuhin ang gayong mga tao: Dapat silang pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo. Kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan at tiyakin na hindi na sila magdudulot pa ng mga kaguluhan sa hinaharap, maaari silang bigyan ng isa pang pagkakataong manatili sa iglesia. Kung palagi silang nanggugulo at namiminsala sa gawain at buhay ng iglesia, alisin na sila. Ito ay para protektahan ang gawain ng iglesia at matiyak na ang hinirang na mga tao ng Diyos ay makakapamuhay ng buhay iglesia nang hindi nagugulo. Napagdesisyunan na ito at ang pamamaraang ito ay ginamit batay sa prinsipyong ito. Naaangkop ito.

Sa buhay iglesia, sino pa ang malamang na magbulalas ng pagkanegatibo? May ilang tao na gumagawa ng tungkulin nila nang walang mga resulta, palaging nagkakamali; hindi nila pinagninilayan ang sarili nila pero palagi nilang nararamdaman na hindi matuwid o patas ang Diyos, na palaging mabuti ang pagtrato ng Diyos sa iba pero sa kanila ay hindi, na minamaliit sila ng Diyos, at hindi sila kailanman binibigyang-liwanag, kaya naman, walang nagiging mga resulta kahit kailan ang paggampan nila sa tungkulin nila, at hindi nila kailanman naaabot ang layon nilang mamukod-tangi at mapahalagahan. Sa puso nila, nagkikimkim sila ng mga reklamo tungkol sa Diyos, at habang ginagawa nila ito, lumilitaw sa kanila ang pagkainggit, pagkasuklam, at pagkamuhi sa mga tapat na gumagawa ng mga tungkulin ng mga ito. Anong uri ng pagkatao mayroon ang gayong mga tao? Hindi ba’t makitid ang isip nila? At bukod pa roon, hindi ba’t nabibigo silang maunawaan kung paano hangarin ang katotohanan sa pananalig nila sa Diyos? Hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng pananampalataya sa Diyos. Iniisip nila na ang pananampalataya sa Diyos at ang paggawa ng isang tungkulin ay parang pagsusulit sa unibersidad bilang isang estudyante, palaging kailangang ikumpara ang mga marka at ranggo. Kaya, pinapahalagahan nila nang husto ang mga bagay na ito. Hindi ba’t iyon ang kalagayan nila? Una sa lahat, mula sa perspektiba ng pagkaarok sa katotohanan, may espirituwal na pang-unawa ba ang gayong mga tao? Wala, at hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos at hangarin ang katotohanan. Sa isang banda, pinapahalagahan nila nang husto ang ranggo nila kumpara sa iba; sa kabilang banda, palagi silang gumagamit ng pamamaraan ng pagmamarka para suriin kung gaano kahusay na ginagawa ng iba ang mga tungkulin ng mga ito at ang sarili nilang husay sa paggawa, para bang sinusuri nila ang mga mag-aaral sa paaralan, sinusukat ang pananampalataya ng mga tao sa Diyos at ang paggampan ng mga ito sa mga tungkulin gamit ang pamamaraang ito. Hindi ba’t may mali rito? Dagdag pa rito, hindi ba’t mali rin ang masikap na paraan nila ng paggawa ng mga tungkulin nila? Hindi ba’t ginagawa nila ang mga tungkulin nila nang may pagsisikap

ng pag-aaral at pagsusulit? (Oo.) Bakit natin nasasabi ito? Nauunawaan ba ng gayong mga tao kung paano hanapin ang mga prinsipyo kapag nananampalataya sa Diyos at gumagawa ng mga tungkulin nila? Kaya ba nilang hanapin ang mga prinsipyo? Sa isang aspekto, hindi nila alam kung paano hanapin ang mga prinsipyo. Kung paano dapat basahin ng mga tao ang mga salita ng Diyos, kung paano pagbahaginan ang katotohanan, at kung paano gawin nang wasto ang mga tungkulin nila—hindi nila nauunawaan ang mga usaping ito, ni pinapahalagahan ang mga ito. Ang alam lang nila ay dapat silang maghanap ng mga prinsipyo at kumilos ayon sa mga ito, pero sa kung ano ang hinihingi ng mga prinsipyo, ano ang hinihingi ng Diyos, o paano kumikilos ang iba ayon sa mga prinsipyo, wala silang pagkaunawa. Sadyang hindi nila ito naiintindihan. At sa isa pang aspekto, nagagawa ba nilang suriin ang paggampan sa isang tungkulin batay sa mga pamantayan ng Diyos para masukat kung pasok ba sa pamantayan ang paggampan ng mga tao sa tungkulin nila, at ang mga prinsipyong Kanyang hinihingi sa mga tao sa paggawa ng tungkulin nila? Kaya ba nilang maunawaan ang mga usaping ito mula sa mga salita ng Diyos at sa pagbabahaginan ng mga kapatid? Una sa lahat, hindi nila nauunawaan ang mga salita ng Diyos, ni nauunawaan ang mga usapin ng paggawa ng tungkulin. Matapos silang magsimulang manampalataya sa Diyos at gumawa ng mga tungkulin, nagninilay-nilay sila: “Noong nag-aaral pa ako, natuklasan ko ang isang panuntunan: Basta’t handa kang magsikap at higit pang mag-aral, makakakuha ka ng matataas na marka. Kaya, ganoon din ang gagawin ko sa pananalig ko sa diyos. Mas magbabasa ako ng mga salita ng diyos at mas magdarasal ako. Habang nagdadaldalan o kumakain ang iba, mag-aaral ako ng mga himno at magsasaulo ng mga salita ng diyos. Nang may gayong pagsusumikap, tiyak na pagpapalain ako ng diyos, batay sa aking pagsusumikap, pagkamasigasig, at pagkamasipag, tiyak na magiging mabunga ang paggampan ko ng tungkulin. Siguradong makakakuha ako ng mataas na marka kumpara sa iba, at pahahalagahan at iaangat ako.” Pero sa kabila ng paggawa nito, hindi pa rin nila makamit ang mga kahilingan nila: “Bakit hindi pa rin ako kasing-epektibo ng iba sa paggawa ng tungkulin ko? Paano ba ako kailanman maiaangat o magagamit para sa mahahalagang gampanin? Hindi ba’t nangangahulugan ito na wala nang pag-asa? Ipinanganak akong mahilig makipagkompetensiya, ayaw kong napag-iiwanan. Ganoon ako noong nag-aaral pa ako, at ganoon pa rin ako ngayon, sa pananampalataya ko sa diyos. Sinumang nakakahigit sa akin, determinado akong malampasan sila. Hindi ako titigil hangga’t hindi ko nagagawa ito!” Naniniwala sila na gamit ang tamang pamamaraan at diskarte—ang pagdala lang ng pagsusumikap sa pag-aaral nang mabuti para makapagbasa ng mas maraming salita ng Diyos at matuto ng mas maraming himno; ang pag-iwas sa pakikipagdaldalan; ang hindi pagtuon sa pagbibihis nang maganda; ang pagtulog nang kaunti at hindi masyadong pagsasaya; ang pagsupil sa katawan nila; at hindi pagpapasasa sa mga kaginhawahan ng laman—makakatanggap na sila ng mga pagpapala ng Diyos, at siguradong magkakamit sila ng mga resulta sa paggawa ng tungkulin nila. Gayumpaman, laging iba ang kinalalabasan

ng mga bagay-bagay kaysa sa inaasahan nila: “Bakit palagi pa rin akong nagkakamali sa paggawa ng tungkulin ko, at bakit hindi ko pa rin ito magawa nang kasinghusay ng iba? Ginagawa ng iba ang mga bagay-bagay nang mabilis at mahusay, at palagi silang pinupuri at pinapahalagahan ng lider. Nagtiis ako ng napakaraming pagdurusa at paghihirap—bakit hindi pa rin ako nagkakamit ng mga resulta?” Habang pinagninilay-nilayan nila ito, sa wakas ay may mahalaga silang natuklasan: “Lumalabas na hindi matuwid ang diyos. Napakatagal ko nang nananampalataya sa diyos, pero ngayon ko lang ito nalaman! Mabuti ang diyos sa kung kanino man niya gusto. Kaya, bakit ayaw niyang maging mabuti sa akin? Dahil ba hangal ako, dahil hindi ko kayang mambola at magsalita nang mahusay, dahil hindi ako mabilis mag-isip? O dahil ba masyadong ordinaryo ang hitsura ko, at wala akong masyadong pinag-aralan? Pagbubunyag ito ng diyos sa akin, hindi ba? Napakarami ko nang nabasang mga salita ng diyos—bakit hindi mabuti sa akin ang diyos, bagkus ay ibinubunyag pa niya ako?” Habang pinag-iisipan nila ito, nagiging negatibo sila: “Ayaw ko nang gawin ang tungkulin ko. Hindi ako pinagpala ng diyos habang ginagawa ko ang tungkulin ko, at nagbasa ako ng mas maraming salita ng diyos, pero hindi niya ako binigyang-liwanag. Sinasabi sa mga salita ng diyos na mabuti ang diyos sa kung kanino man niya gusto at nagpapakita siya ng habag sa kung kanino niya gusto. Hindi ako isang taong pinapakitaan ng habag o kabutihan ng diyos. Bakit ko kailangang pagdusahan ang pagpapahirap na ito?” Habang mas nag-iisip sila, mas nagiging negatibo sila, at mas nararamdaman nila na wala na silang patutunguhan. Nalulunod na sila sa mga hinanakit nila, at ayaw na nilang gawin ang tungkulin nila; at kapag ginagawa ang tungkulin nila, iniraraos na lang nila ang gawain. Paano man pagbahaginan ng iba ang mga prinsipyo, hindi nila ito nauunawaan. Walang reaksyon sa loob nila. Kapag nasa ganitong uri ng kondisyon sila, mayroon ba silang anumang buhay pagpasok? Mayroon ba silang anumang katapatan sa paggawa ng tungkulin nila? Wala na, at nawala na rin ang kaunting pagsusumikap at pagkamasigasig na mayroon sila noon. Kaya, ano ang natitira sa puso nila? “Bahala na, at tatanggapin ko na lang kung ano ang mangyayari. Maaaring ibunyag at itiwalag ako ng diyos anumang araw mula ngayon, susukuan na niya ako. Kapag dumating ang araw na hindi na ako papayagang gumawa ng tungkulin ko, hindi ko na ito gagawin. Alam kong hindi ako sapat. Maaaring hindi pa ako itinitiwalag ng diyos ngayon, pero alam kong ayaw niya sa akin. Anumang oras ay ititiwalag na niya ako.” Umuusbong sa puso nila ang ganitong mga kaisipan at pananaw, at kapag nakikisalamuha sila sa iba, paminsan-minsan ay nadudulas at nababanggit nila ang gayong mga komento: “Ipagpatuloy ninyong lahat ang taimtim na pananampalataya. Tiyak na pagpapalain ng diyos ang pananalig at paggampan ninyo ng mga tungkulin ninyo. Wala na akong pag-asa. Hanggang dito na lang ako. Kahit gaano ako kamasigasig o kamasipag, wala itong silbi. Kung ayaw ng diyos sa isang tao, walang silbi ang anumang pagsisikap nito. Ginagawa ko ang tungkulin ko nang nagsusumikap ayon sa kaya ko; kung wala nang patutunguhan ang mga pagsisikap ko, wala nang magagawa tungkol doon. Puwede bang pilitin ng diyos

ang mga tao na gawin ang lampas sa kakayahan nila? Hindi mapipilit ng diyos ang isang isda na mabuhay sa lupa!" Ano ang sinasabi rito? Ang ipinapahiwatig ay: "Ganito talaga ako. Paano man ako tratuhin ng diyos, ito ang magiging saloobin ko." Sabihin ninyo sa Akin, bakit gugustuhin pa rin ng isang taong may gayong saloobin at intensiyon na tumanggap ng mga pagpapala ng Diyos? Puwede bang makaimpluwensiya sa iba ang ganitong kalagayan at saloobing mayroon sila? Madali silang magkakaroon ng negatibo at masamang impluwensiya, na hihila sa iba patungo sa pagkanegatibo at kahinaan. Hindi ba't panlilihis at pamiminsala ito sa iba? Ang mga taong may gayong antas ng pagkanegatibo ay mga diyablo, hindi ba? Hindi kailanman nagmamahal sa katotohanan ang mga diyablo.

Hindi nagbubulalas ang ilang tao ng pagkanegatibo nila sa mahahabang diskurso; nagbibigkas lang sila ng ilang parirala: "Mas mahusay kayong lahat kaysa sa akin. Labis kayong pinagpalang lahat. Wala na akong pag-asa. Kahit gaano pa ako magsumikap, wala itong silbi. Wala akong pag-asang makatanggap ng mga pagpapala ng Diyos." Bagama't simple at tila walang problema ang mga salita, na parang sinusuri nila ang sarili nila, hinihimay ang sarili nila, at tinatanggap ang mga katunayan tulad ng sarili nilang mahinang kakayahan at mga pagkukulang, sa totoo lang, nagbubulalas sila ng isang uri ng di-nakikitang pagkanegatibo. Ang mga salitang ito ay may panunuya at pangungutya, pati na rin paglaban, at siyempre, higit pa rito, mayroong kawalang-kasiyahan sa Diyos ang mga ito, kasama ng isang negatibo at malungkot na lagay ng loob. Maaaring kakaunti ang mga negatibong salitang ito, pero ang lagay ng loob na ito, tulad ng isang nakakahawang sakit, ay maaaring makaapekto sa iba. Bagama't hindi nila hayagang sinasabi, "Ayaw ko nang gawin ang mga tungkulin ko, wala na akong pag-asa na maligtas, at nanganganib din kayong lahat," dahil sa ipinapahiwatig nila, nararamdaman ng ibang tao na kung ang indibidwal na ito, sa kabila ng mga pagsisikap niya, ay wala nang pag-asa na maligtas, lalong wala nang pag-asa iyong mga hindi nagsisikap. Sa pagpapahayag ng pahiwatig na ito, sinasabi nila sa lahat, "Mahalaga ang pag-asa. Kung hindi ka bibigyan ng Diyos ng pag-asa, kung hindi ka pagpapalain ng Diyos, kahit gaano ka pa magsikap, walang saysay ang lahat ng ito." Matapos tanggapin ng karamihan ng tao ang pahiwatig na ito, hindi maiiwasang humina ang pananalig nila sa Diyos sa kaloob-looban nila, at malaki ang nababawas sa katapatan at sinseridad na dapat nilang ipinapakita kapag ginagawa ang mga tungkulin nila. Bagama't ibinubulalas nila ang pagkanegatibong ito nang walang malinaw na intensiyon para ilihis o hikayatin ang mga tao na kumampi sa kanila, ang negatibong lagay ng loob na ito ay mabilis na nakakaapekto sa iba, na nagpaparamdam sa mga ito ng isang krisis, nararamdaman na madaling nasasayang ang mga pagsisikap ng mga ito; ginagawa nitong mamuhay ang mga tao ayon sa mga damdamin nila, ginagamit ang mga damdamin para bumuo ng espekulasyon tungkol sa Diyos, at sinusuri at sinisiyasat ang saloobin at sinseridad ng Diyos sa mga tao batay sa mga paimbabaw na anyo. Kapag naipapasa sa iba ang negatibong lagay ng loob na ito, hindi nila maiwasang lumayo sa Diyos at magkaroon

ng maling pagkaunawa at ng pagdududa sa sinabi ng Diyos, hindi na naniniwala sa Kanyang mga salita. Kasabay nito, wala na silang sinseridad sa mga tungkulin nila; ayaw na nilang magbayad ng halaga, at ayaw na nilang magkaroon ng anumang katapatan. Ito ang epekto ng mga negatibong komentong ito sa mga tao. Ano ang kahihinatnan ng epektong ito? Pagkatapos marinig ang mga salitang ito, hindi nagkakamit ng pagpapatibay ang mga tao, lalong hindi nila nakakamit ang kaalaman sa sarili, natutuklasan ang mga pagkukulang nila, o naisasagawa ang katotohanan at nagagawa ang mga tungkulin nila ayon sa mga prinsipyo—wala silang anumang nakakamit sa mga positibong resultang ito. Sa halip, dahil sa epektong ito, nagiging mas negatibo ang mga tao, naiisip nilang sukuan na ang paghahangad sa katotohanan, at nawawalan na sila ng kapasyahan sa mga tungkulin nila. Bakit nawalan na sila ng pananalig? (Pakiramdam nila ay wala na silang pag-asa na maligtas.) Tama, tinanggap mo ang mensaheng ito at nararamdaman mong wala ka nang pag-asa na maligtas, kaya ayaw mong magsikap na gawin ang tungkulin mo. Ipinapakita ng pag-uugaling ito na hindi ka taos-pusong naghahangad sa katotohanan, kundi palagi mong hinuhusgahan kung nalulugod ba sa iyo ang Diyos, kung may pag-asa ka bang maligtas, at kung sinasang-ayunan ba ng Diyos ang paggampan mo ng tungkulin mo batay sa mga damdamin, lagay ng loob, at hinuha. Kapag hinuhusgahan ng mga tao ang mga bagay na ito batay sa hinuha, wala silang masyadong motibasyon na isagawa ang katotohanan. Bakit ganito? Kaya ba ng mga tao na tumpak na husgahan ang Diyos kapag hinuhusgahan nila Siya batay sa hinuha? Kaya ba ng mga tao na bumuo ng mga tumpak na hinuha tungkol sa bawat kaisipan at ideyang mayroon ang Diyos? (Hindi.) Ang isipan ng tao ay puno ng panlilinlang, mga pakikipagtransaksiyon, mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, lohika ni Satanas, at iba pa. Ano ang mga kahihinatnan ng mga tao sa pagbubuo ng mga hinuha tungkol sa Diyos batay sa mga bagay na ito? Humahantong ito sa pagdududa sa Diyos, paglayo sa Diyos, at maging sa ganap na pagkawala ng pananalig sa Diyos. Kapag ganap na nawala ang pananalig ng isang tao sa Diyos, hindi maiiwasang mapapatanong siya nang husto sa puso niya kung umiiral ba ang Diyos. Sa oras na iyon, magtatapos ang panahon niya bilang isang mananampalataya sa Diyos—ganap na siyang nawasak. Dagdag pa rito, tama ba para sa mga tao na bumuo ng mga hinuha tungkol sa Diyos? Ito ba ang saloobing dapat mayroon ang isang nilikha ukol sa Lumikha? Malinaw na hindi. Hindi dapat bumuo ng mga hinuha ang mga tao tungkol sa Diyos, ni dapat na bumuo ng espekulasyon tungkol sa pag-iisip ng Diyos o sa Kanyang mga iniisip tungkol sa mga tao. Ito mismo ay mali; nagkaroon ng maling perspektiba at posisyon ang mga tao.

Hindi dapat tratuhin ng mga tao ang Diyos nang may hinuha, espekulasyon, pagdududa, o paghihinala, ni dapat Siyang husgahan batay sa mga iniisip at pananaw ng tao, mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, o akademikong kaalaman. Kaya, paano dapat tratuhin ng mga tao ang Diyos? Una, dapat maniwala ang mga tao na ang Diyos ang katotohanan. Ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao, ang Kanyang mga layunin sa kanila, ang Kanyang pagmamahal at pagkamuhi sa mga tao, at ang

Kanyang mga pagsasaayos, kaisipan, at ideya para sa iba't ibang uri ng tao, at iba pa, ay hindi nangangailangan ng espekulasyon mo; may mga malinaw na paliwanag at kahulugan sa mga salita ng Diyos ang mga usaping ito. Kailangan mo lang manampalataya, maghanap, at pagkatapos ay magsagawa ayon sa mga salita ng Diyos—ganoon lang ito kasimple. Hindi hinihiling ng Diyos na husgahan mo kung ano ang layon Niyang gawin sa iyo o kung paano ka Niya tinitingnan batay sa mga damdamin. Kaya, iniisip mo na wala kang pag-asa na maligtas—ito ba ay isang damdamin o isang katunayan? Sinabi ba ito ng mga salita ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos? Sinasabi ng Diyos sa mga tao kung paano hanapin ang katotohanan para sa mga solusyon at hanapin ang landas para isagawa ang katotohanan sa tuwing nahaharap sila sa anumang problema o nagbubunyag sila ng mga tiwaling disposisyon. Pinapatunayan nito ang isang bagay: Totoo na gusto ng Diyos na iligtas ang mga tao at baguhin ang mga tiwaling disposisyon nila; hindi ka nililinlang ng Diyos, at hindi ito hungkag na pananalita. Iniisip mo na wala kang pag-asa na maligtas, pero pansamantalang lagay ng loob lang iyan, isang damdaming nabuo sa ilalim ng isang partikular na kapaligiran. Ang mga damdamin mo ay hindi kumakatawan sa mga pagnanais o layunin ng Diyos, lalong hindi sa Kanyang mga kaisipan, at hindi rin kumakatawan sa katotohanan ang mga ito. Samakatwid, kung mamumuhay ka ayon sa damdaming ito, kung bumubuo ka ng mga hinuha tungkol sa Diyos batay sa damdaming ito, gamit ang damdamin mo para palitan ang mga pagnanais ng Diyos, kung gayon, nagkakamali ka nang husto at nahulog ka sa patibong ni Satanas. Ano ang dapat gawin ng isang tao sa ganitong sitwasyon? Huwag umasa sa mga damdamin. Sinasabi ng ilang tao, "Kung hindi tayo dapat umasa sa mga damdamin, saan tayo dapat umasa?" Walang silbi ang umasa sa anumang bagay na nasa iyo; hindi kumakatawan sa katotohanan ang mga damdamin ng tao. Sino ang nakakaalam kung paano nabuo ang mga damdamin mo, kung saan talaga ito nagmula—kung bunga ito ng panlilihis ni Satanas, problema ito. Sa anumang kaso, paano man nabuo ang damdamin, hindi ito kumakatawan sa katotohanan. Kapag mas matindi ang mga damdamin at kutob ng isang tao, mas kailangan niyang hanapin ang katotohanan, lumapit sa Diyos at pagnilayan ang sarili. Ang mga damdamin ng tao, at ang mga katunayan at ang katotohanan, ay dalawang magkaibang bagay. Maibibigay ba sa iyo ng mga damdamin ang katotohanan? Maibibigay ba sa iyo ng mga ito ang isang landas ng pagsasagawa? Hindi. Tanging ang mga salita ng Diyos, tanging ang katotohanan, ang makakapagbigay sa iyo ng isang landas ng pagsasagawa, ang makakapagbigay sa iyo ng pagtutuwid, at makakapagbukas ng daan palabas. Samakatwid, ang dapat mong isagawa ay hindi ang hanapin ang sarili mong mga damdamin—hindi mahalaga ang mga damdamin mo. Ang dapat mong gawin ay lumapit sa Diyos para hanapin ang katotohanan, para maunawaan ang mga layunin ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita. Habang mas umaasa ka sa mga damdamin, mas mararamdaman mong wala kang patutunguhan, mas malalim kang mahuhulog sa pagkanegatibo, at mas paniniwalaan mo na hindi patas

ang Diyos, na hindi ka pinagpala ng Diyos. Sa kabaligtaran, kung isasantabi mo ang mga damdaming ito para hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, para makita kung aling mga kilos sa proseso ng paggawa mo ng tungkulin ang lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo, kung aling mga kilos ang ginawa ayon sa sarili mong kalooban at ganap na walang kinalaman sa mga katotohanang prinsipyo, kung gayon, sa proseso ng paghahanap, matutuklasan mo na masyadong marami ang sarili mong kalooban, masyadong marami ang imahinasyon. Sa paglalapat lang ng kaunting pagkataimtim na ito, matutuklasan mo ang maraming problema: “Masyado akong mapanghimagsik, masyadong sutil, masyadong mayabang! Hindi ito dahil wala akong pag-asa na maligtas; hindi tumpak ang mga damdamin ko. Ito ay dahil hindi ko sineryoso ang mga salita ng Diyos, at hindi ako nagsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Palagi akong nagrereklamo na hindi ako pinagpapala ng Diyos, na hindi Niya ako ginagabayan, at na may kinikilingan Siya, pero ang totoo, hindi ko kinilala na ako ay pabasta-basta, sutil, at wala akong pakundangan sa paggampan ko ng tungkulin—kasalanan ko ito. Napagtanto ko na ngayon, walang kinikilingan ang Diyos. Kapag hindi naghahanap sa katotohanan o lumalapit sa Diyos ang mga tao, nagiging mabuti na ang Diyos sa kanila sa pamamagitan ng hindi pagbawi sa kalipikasyon nila na gumampan ng tungkulin; napakaluwag na ng Diyos sa aspektong ito. Gayumpaman, pakiramdam ko ay puno pa rin ako ng mga hinanakit, nakikipagkompetensiya at nakikipagtalo pa nga ako sa Diyos. Dati, inisip ko na napakabuti ko, pero nakikita ko na ngayon na hindi talaga totoo iyon. Hindi nakabatay sa mga prinsipyo ang anumang ginawa ko; biyaya ng Diyos na hindi Niya ako dinisiplina—nakita Niya na mababa ang tayog ko!” Sa gayong paghahanap, mauunawaan mo ang ilang katotohanan at magagawa mong magkusa na aktibong magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Unti-unti, mararamdaman mong may ilang prinsipyo ka na sa pag-asal mo at sa paggawa ng tungkulin mo. Sa oras na ito, hindi ba’t mas mapapanatag na ang konsensiya mo? “Dati, pakiramdam ko ay wala akong pag-asa na maligtas, pero ngayon, bakit lalong humihina ang damdaming ito, ang kamalayang ito? Paanong nangyari na nagbago ang kalagayang ito? Dati, inakala ko na wala akong pag-asa; hindi ba’t pagkanegatibo at paglaban lang iyon, at pakikipagtalo sa Diyos? Masyado akong mapaghimagsik!” Pagkatapos magpasakop, nang hindi namamalayan, sa proseso ng paggawa ng tungkulin mo, magsisimula kang maunawaan ang ilang prinsipyo, at hindi mo na ikukumpara ang sarili mo sa iba; tutuon ka lang sa kung paano iiwas sa pagiging pabasta-basta at kung paano gawin ang mga tungkulin mo ayon sa mga prinsipyo. Nang hindi namamalayan, hindi mo na mararamdaman na hindi ka maililigtas, at hindi ka na makukulong sa negatibong kalagayang iyon; gagawin mo ang mga tungkulin mo ayon sa mga prinsipyo, at mararamdaman mong naging normal na ang ugnayan mo sa Diyos. Kapag naramdaman mo ito, iisipin mo, “Hindi ako inabandona ng Diyos; nararamdaman ko ang presensiya ng Diyos, at nararamdaman ko ang paggabay at mga pagpapala ng Diyos kapag hinahanap ko Siya habang ginagawa ang mga tungkulin ko. Sa wakas, nararamdaman ko na pinagpapala ng Diyos ang iba at pinagpapala Niya rin ako, at na

walang kinikilingan ang Diyos; mukhang may pag-asa pa rin ako na maligtas. Lumalabas na mali ang landas na tinahak ko noon; palagi kong iniraraos lang ang mga bagay-bagay at gumagawa ako ng mga walang pakundangan na maling gawa sa paggawa ng tungkulin ko, at inisip ko pa nga na ayos lang ako, namumuhay sa sarili kong munting mundo at hinahangaan ang sarili ko. Ngayon, nakikita ko na isang malaking pagkakamali ang paggawa niyon! Ang ganap na pamumuhay sa isang kalagayan ng pagpoprotesta at paglaban sa Diyos—hindi nakapagtataka na hindi ko natanggap ang kaliwanagan ng Diyos. Paano ko matatanggap ang kaliwanagan ng Diyos kung hindi ako kumikilos ayon sa mga prinsipyo?" Tingnan mo, dalawang ganap na magkaibang paraan ng pagsasagawa, dalawang ganap na magkaibang paraan ng pagharap sa sariling mga ideya, ay humahantong sa magkakaibang resulta sa huli.

Hindi makakapamuhay ang mga tao ayon sa mga damdamin nila sa pananampalataya nila sa Diyos. Ang mga damdamin ng mga tao ay mga panandalian lang na lagay ng loob—may anumang kinalaman ba ang mga ito sa mga kalalabasan nila? Sa mga katunayan? (Wala.) Kapag lumalayo ang mga tao mula sa Diyos, kapag namumuhay sila sa isang mentalidad na mali ang pagkaunawa nila sa Diyos, o tumututol, lumalaban, at nagpoprotesta sila sa Diyos, lubos na nilang nilisan ang pangangalaga at proteksiyon ng Diyos, at wala na silang puwang para sa Diyos sa kanilang puso. Kapag ganito ang kalagayan ng pamumuhay ng mga tao, hindi nila mapipigilang mamuhay ayon sa sarili nilang mga damdamin. Ang maliit na kaisipan ay maaaring makapagpasama ng loob nila na hindi na sila makakain o makatulog, ang isang walang-ingat na komento mula sa isang tao ay maaaring magpasadlak sa kanila sa paghihinuha at pagkalito, at kahit ang iisang masamang panaginip ay maaari silang gawing negatibo at maging dahilan para magkamali sila ng pagkaunawa sa Diyos. Sa sandaling mangyari ang ganitong uri ng malupit na siklo, matutukoy ng mga tao na tapos na ang lahat para sa kanila, na nawala ang lahat ng kanilang pag-asang maligtas, na tinalikuran na sila ng Diyos, at na hindi sila ililigtas ng Diyos. Habang mas nag-iisip sila nang ganito, at mas nadarama nila ito, lalo silang nasasadlak sa pagkanegatibo. Ang tunay na dahilan kaya may ganitong damdamin ang mga tao ay dahil hindi sila naghahanap sa katotohanan o nagsasagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Kapag may nangyayari sa kanila, hindi hinahanap ng mga tao ang katotohanan, hindi isinasagawa ang katotohanan, at palagi nilang ginagawa ang gusto nilang gawin, namumuhay sa gitna ng sarili nilang mga walang-kuwentang pagkamautak. Ginugugol nila ang bawat araw sa pagkukumpara sa kanilang sarili sa iba at pakikipagpaligsahan sa mga ito, kinaiinggitan at kinamumuhian ang sinumang sa tingin nila ay mas mahusay kaysa sa kanila, at nililibak at kinukutya ang sinumang iniisip nila na mas mababa sa kanila, namumuhay sa disposisyon ni Satanas, hindi ginagawa ang mga bagay ayon sa mga katotohanang prinsipyo, at tumatangging tanggapin ang payo ng sinuman. Dahil dito, sa huli ay nagkakaroon sila ng kung ano-anong delusyon, espekulasyon, at mga panghuhusga, at palagi silang nababalisa. At hindi ba't nararapat ito sa kanila? Sila lang ang makapagtitiis sa gayong kapait na

bunga—at iyon ang nararapat talaga sa kanila. Ano ang nagsasanhi ng lahat ng ito? Ito ay dahil hindi hinahanap ng mga tao ang katotohanan, masyado silang mayabang at nag-aakalang mas matuwid sila kaysa sa iba, palagi silang kumikilos ayon sa sarili nilang mga ideya, lagi silang nagpapakitang-gilas at nagkukumpara ng kanilang sarili sa iba, palagi silang nagsisikap na maitangi ang kanilang sarili, palagi silang humihingi ng mga hindi makatwirang bagay sa Diyos, at iba pa—lahat ng bagay na ito ay nagiging dahilan para unti-unting mapalayo ang mga tao sa Diyos, na labanan ang Diyos at labagin ang katotohanan nang paulit-ulit. Sa huli, sinasadlak nila ang kanilang sarili sa kadiliman at pagkanegatibo. At sa gayong mga pagkakataon, walang tunay na pagkaunawa ang mga tao sa kanilang sariling pagrerebelde at pagkontra, lalong imposible na maharap nila ang mga bagay na ito nang may tamang saloobin. Sa halip, nagrereklamo sila tungkol sa Diyos, nagkakamali sila ng pag-unawa sa Diyos, at bumubuo sila ng espekulasyon tungkol sa Diyos. Kapag nangyayari ito, natatanto ng mga tao sa wakas na napakalalim ng kanilang katiwalian at na sobrang nakababahala ang mga ito, kaya natutukoy nila na sila ang uring kumokontra sa Diyos, at hindi nila mapigilang masadlak sa pagkanegatibo, hindi nila magawang makaalpas. Ang pinaniniwalaan nila ay, “Itinataboy ako ng Diyos, ayaw ng Diyos sa akin. Masyado akong mapaghimagsik, nararapat lang sa akin ito, siguradong hindi na ako ililigtas ng Diyos.” Naniniwala sila na ang lahat ng ito ay katunayan. Tinutukoy nila ang mga hula sa puso nila bilang mga katunayan. Sino man ang nagbabahagi ng katotohanan sa kanila, wala itong silbi, hindi nila ito matanggap. Iniisip nila, “Hindi ako pagpapalain ng Diyos, hindi Niya ako ililigtas, kaya bakit pa ako mananampalataya sa Diyos?” Kapag umabot na sa puntong ito ang landas ng kanilang pananampalataya sa Diyos, may kapabilidad pa bang manampalataya ang mga tao? Wala na. Bakit hindi na sila makakapagpatuloy? May isang katunayan dito. Kapag umabot sa isang partikular na punto ang pagkanegatibo ng mga tao na ang kanilang puso ay puno ng paglaban at pagrereklamo, at nais nilang ganap na putulin ang ugnayan nila sa Diyos, kung gayon, hindi na ito kasingsimple ng kawalan nila ng takot sa Diyos, hindi pagpapasakop sa Diyos, hindi pagmamahal sa katotohanan, at hindi pagtanggap sa katotohanan. Sa halip ay ano ito? Sa puso nila, aktibo nilang pinipiling isuko ang kanilang pananalig sa Diyos. Iniisip nila na nakakahiya na pasibong maghintay na matiwalag, at na mas may dignidad sa pagpili na sumuko, kaya sila na mismo ang nagkukusa na palagpasin ang pagkakataon nila, tapusin na ang mga bagay-bagay. Kinokondena nila ang pananalig sa Diyos bilang masama, kinokondena nila ang katotohanan bilang walang kakayahang baguhin ang mga tao, at kinokondena nila ang Diyos bilang hindi matuwid, nagrereklamo tungkol sa hindi Niya pagligtas sa kanila: “Napakasipag ko, mas marami akong pinagdusahang paghihirap kaysa sa iba, at mas higit na malaki ang ibinabayad ko kaysa sa sinuman, sinsero kong ginagawa ang aking tungkulin, pero hindi pa rin ako pinagpala ng Diyos. Ngayon ay malinaw kong nakikita na ayaw sa akin ng Diyos, na hindi patas ang pagtrato ng Diyos sa mga tao.” Ang kapal ng mukha nilang gawing pagkondena at paglapastangan sa Diyos ang kanilang mga

pagdududa sa Diyos. Kapag nangyayari ang gayong mga katunayan, maaari pa ba silang magpatuloy sa landas ng pananalig sa Diyos? Dahil naghihimagsik sila laban sa Diyos at kumokontra sa Diyos, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan o hindi man lamang nila pinagninilayan ang kanilang sarili, nawasak na sila. Hindi ba't hindi makatwiran na talikuran ng isang tao ang Diyos nang kusa at pagkatapos ay magreklamo na hindi siya pinagpapala o binibiyayaan ng Diyos? Ang bawat tao ay pumipili ng sarili niyang landas at tumatahak dito; walang sinuman ang maaaring gumawa nito para sa kanya. Ikaw ang pumili ng isang landas na walang patutunguhan, ikaw na tumalikod sa Diyos at nagtakwil sa Kanya. Mula sa simula hanggang sa huli, kailanman ay hindi sinabi ng Diyos na ayaw Niya sa iyo, o na sumuko na Siya sa iyo, o na tumatanggi Siyang iligtas ka; ikaw mismo ang naglimita sa Diyos batay sa mga hula mo. Kung tunay kang nananampalataya sa Diyos, at mananampalataya ka pa rin sa Diyos kahit na ayaw Niya sa iyo, at mananampalataya ka pa rin sa Diyos, at patuloy na magbabasa ng Kanyang mga salita, at tatanggapin pa rin ang katotohanan at gagawin ang mga tungkulin mo nang normal, kahit pa kinamumuhian ka Niya, sino ang makakapaglimita o makakapigil sa iyo? Hindi ba't ang lahat ng ito ay tungkol sa sarili mong mga pagpili at paghahangad? Ikaw mismo ay walang pananalig pero nagrereklamo ka tungkol sa Diyos; ito ay pagiging hindi makatwiran. Hindi mo pinapanatili ang ugnayan mo sa Diyos at pilit mo itong winawasak; sa sandaling nagkaroon na ng lamat, maibabalik pa ba ito? Ang nabasag na salamin ay mahirap nang buuing muli, at kahit pa mabuo ito, mananatili pa rin ang pagkabasag nito. Ngayong nasira na ang ugnayan, hindi na ito kailanman maibabalik sa orihinal nitong kalagayan. Dahil dito, anumang uri ng kapaligiran ang maranasan nila sa pananampalataya nila sa Diyos, dapat matutong magpasakop ang mga tao at dapat nilang hanapin ang katotohanan—saka lang sila makakapanindigan. Kung gusto mong sumunod sa Diyos hanggang sa dulo ng daan, napakahalaga na hangarin ang katotohanan; sa paggawa man ng mga tungkulin mo o sa paggawa ng anumang iba pang bagay, ang pag-unawa sa mga katotohanang prinsipyo at pagsasagawa at pagpapatupad sa mga ito ay mahalaga, sapagkat sa proseso ng pag-unawa sa katotohanan at pagsasagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo, makikilala mo ang Diyos, mauunawaan ang Diyos, maaarok mo ang Diyos, at maaarok mo ang mga layunin ng Diyos, nagtutulot sa iyo na maging kaayon Niya at magkamit ng pagkaarok at pagtanggap sa diwa Niya. Kung hindi mo isasagawa ang mga katotohanang prinsipyo at kumikilos ka o ginagawa mo lang ang mga tungkulin mo ayon sa sarili mong kalooban, hindi mo kailanman mararanasan ang katotohanan. Ano ang ibig sabihin ng hindi kailanman mararanasan ang katotohanan? Ibig sabihin nito ay hindi mo kailanman mararanasan ang saloobin ng Diyos sa lahat ng bagay, ang Kanyang mga hinihingi, o ang Kanyang mga iniisip; at mas malamang na hindi mo mararanasan ang disposisyon at diwa ng Diyos na nabubunyag sa Kanyang gawain. Kung bigo kang maranasan ang mga katunayang ito ng gawain ng Diyos, ang pagkaarok mo sa Diyos ay mananatiling limitado magpakailanman sa mga imahinasyon at kuru-kuro ng tao. Mananatili ito sa

saklaw ng mga imahinasyon at kuru-kuro at hinding-hindi ito aayon sa diwa at tunay na disposisyon ng Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo makakamit ang isang tunay na pagkaarok sa Diyos.

Sa proseso ng paggawa ng mga tungkulin nila, madalas nakakaranas ang mga tao ng mga negatibo at mapaghimagsik na kalagayan. Kung magagawa nilang hanapin ang katotohanan at gamitin ang mga katotohanang prinsipyo para tugunan at lutasin ang mga isyung ito, ang mga negatibong emosyon nila ay hindi magiging mga pagrereklamo, paglaban, paghamon, pagpoprotesta, o paglapastangan pa nga. Gayumpaman, kung haharapin ng mga tao ang mga bagay na ito nang umaasa lang sa sarili nilang walang-kuwentang pagkamautak, pagpipigil sa sarili ng tao, pagsisikap ng tao, pagkamasigasig, pagdidisiplina sa katawan nila, at iba pang gayong mga pamamaraan, sa malao't madali, itong mga imahinasyon, paghusga, at hinuha ng tao ay magiging mga pagrereklamo, paghamon, paglaban, pagpoprotesta, at paglapastangan pa nga laban sa Diyos. Kapag nakukulong sa gayong mga negatibong emosyon ang mga tao, malamang na magkaroon sila ng pagsuway, kawalang-kasiyahan, at reklamo laban sa Diyos, pati na rin ng iba pang gayong mga damdamin o kaisipan. Kapag naiipon sa loob ng mga tao ang mga kaisipang ito sa paglipas ng panahon at hindi pa rin nila hinahanap ang katotohanan o ginagamit ang katotohanan para lutasin ang mga ito, ang pagsuway, kawalang-kasiyahan, at mga pagrereklamo nila ay magiging paghamon; aasal sila nang mapaghimagsik, tulad ng pabasta-bastang paggawa sa mga tungkulin nila o ng sadyang panggugulo at pananabotahe sa gawain ng iglesia, at iba pang mga negatibong pag-uugali, para ipahayag ang pagsuway at kawalang-kasiyahan nila at sa gayon ay makamit ang pakay nila na hamunin ang Diyos. Winawasak at ginugulo ng ilang tao ang paggampan ng tungkulin ng ibang mga tao. Ang ibig sabihin ng mga kilos nila ay: "Kung hindi ko magagawa ang tungkulin ko, o kung hindi ako pagpapalain ng diyos sa tungkulin ko, titiyakin kong walang sinuman sa inyo ang makakagawa ng mga tungkulin ninyo nang maayos!" at pagkatapos ay nagsisimula silang magdulot ng mga kaguluhan. Ginagawa ito ng ilang tao sa pamamagitan ng mga salita, habang ang iba naman ay sa pamamagitan ng ilang kilos. Anong mga bagay ang maaaring gawin ng mga nanggugulo sa iba gamit ang mga kilos nila? Halimbawa, maaari nilang sadyang burahin ang mga file mula sa kompyuter ng iba para maapektuhan ang mga resulta ng tungkulin nito, o maaari nilang sadyang guluhin ang mga online na pagtitipon. Ito ay panggugulo ng mga diyablo at Satanas sa mga tao. Hindi nauunawaan ng mga tao: "Paanong nagagawa ng isang taong nasa gayong edad ang gayong mga kasuklam-suklam na bagay? Kung tutuusin, hindi naman siya isang teenager; paanong nagagawa pa rin niya ang gayong mga kapilyuhan?" Sa katunayan, maaari ding gawin ng mga taong nasa edad trenta, kuwarenta, singkuwenta, o sisenta ang mga bagay na ito. Ang iba't ibang pag-uugaling ito ay hindi lubos maisip; hindi ito mga kilos ng isang taong may konsensiya at katwiran, kundi ng mga diyablo at Satanas. Sa pagkakitang hindi naaapektuhan ang iba at hindi niya nakamit ang mga layon niya, magbubulalas ang gayong tao ng pagkanegatibo at magdudulot ng mga

kaguluhan sa mga oras na maraming tao ang naroroon o sa oras ng mga pagtitipon. Kapag nagsimula siyang ilabas ang kawalang-kasiyahan niya sa pamamagitan ng mga kilos, nagiging mahirap nang kontrolin ang sitwasyon; napakahirap niyang pigilan, at kung magpapatuloy ang sitwasyon, lalo lang itong lalala, lumulubha ang kalikasan nito. Hindi lang siya nagdudulot ng mga kaguluhan sa mga kilos niya, kundi gumagamit din siya ng iba't ibang diskarte at pamamaraan, gamit ang agresibo at mapanghusgang wika para manggulo sa iba habang gumagawa ng tungkulin ang mga ito. Nakakamit man niya ang mga layon niya o hindi, nilalabanan niya ang Diyos sa puso niya; hindi siya nagbabasa ng mga salita ng Diyos o nag-aaral ng mga himno, at tumatanggi siyang magbasa ng anumang aklat na may kaugnayan sa mga salita ng Diyos o sa katotohanan. Ano ang ginagawa niya sa bahay? Nagbabasa siya ng mga nobela, nanonood ng mga palabas sa telebisyon, nag-aaral ng mga teknik sa pagluluto, nag-aaral ng paglalagay ng kolorete at pag-eestilo ng buhok…. Sa mga pagtitipon, hindi niya ibinabahagi ang pagkaunawa niya sa mga salita ng Diyos, ni ibinabahagi kung paano lutasin ang mga tiwaling disposisyon at mga pagbubunyag ng katiwalian. Kapag nagbabahagi ang iba, sinasadya niyang agawin ang usapan, putulin ang sinumang nagsasalita, sadyang ibahin ang paksa, at iba pa, palaging nagsasabi ng mga bagay na nakakapagpahina at nakakagulo. Bakit siya kumikilos sa ganitong paraan? Ang dahilan ay nasa kanyang paniniwala na wala na siyang pag-asang maligtas, na nagiging sanhi para sumuko siya at magsimulang kumilos nang walang pakundangan; naghahanap siya ng ilang makakasama bago siya mapaalis o mapatalsik sa iglesia—kung hindi siya mapagpapala, titiyakin niyang hindi rin mapagpapala ang iba. Bakit siya nag-iisip sa ganitong paraan? Naniniwala siya na ang Diyos na sinasampalatayanan niya ay hindi tulad ng diyos na una niyang inakala; hindi minamahal ng Diyos ang mga tao nang tulad sa inakala niya at hindi rin gaanong matuwid, at tiyak na hindi kasingtaos-pusong magiliw ang Diyos sa mga tao gaya ng inaakala niya. Mahal ng Diyos ang iba pero hindi siya; inililigtas ng Diyos ang iba pero hindi siya. Ngayong nakikita niyang wala na siyang pag-asa para sa sarili niya at nararamdaman niyang hindi na siya maililigtas, sumusuko siya at nagsisimulang kumilos nang walang pakundangan. Pero hindi lang iyon; gusto rin niyang makita ng iba na dahil wala na siyang pag-asa, wala na ring pag-asa ang iba, at nasisiyahan lang siya kapag nahikayat na niya ang lahat na isuko ang pananalig nila sa Diyos at umurong na sa pananampalataya nila. Ang layon niya sa paggawa nito ay: "Kung hindi ko matatanggap ang mga pagpapala ng kaharian ng langit, mas mabuti pang huwag na rin kayong mangarap na makakamit ninyo ang mga iyon!" Anong klaseng sawimpalad ang gayong tao? Hindi ba't isa siyang diyablo? Isa siyang diyablo, na mapupunta sa impiyerno, na pinagbabawalan din ang iba na manampalataya sa Diyos at makapasok sa kaharian ng langit; deretso siyang nagmamartsa patungo sa landas na walang patutunguhan! Hindi dapat kumilos sa ganitong paraan ang sinumang may kaunting konsensiya at may-takot-sa-Diyos na puso; kung talagang gagawa siya ng malaking kasamaan at mabubunyag siya, na magpaparamdam sa kanya na wala na siyang pag-asa, sisikapin pa rin niyang

tulungan ang iba na magtagumpay, hahayaan ang iba na taimtim na manampalataya sa Diyos at hindi siya gayahin. Maaaring sabihin niya: “Masyado akong mahina, matindi ang mga pagnanais ng laman ko, at masyado akong nahuhumaling sa mundo. Kasalanan ko ito; nararapat lang sa akin ito! Magpatuloy kayo sa pagiging mga taimtim na mananampalataya; huwag kayong magpaimpluwensiya sa akin. Sa mga pagtitipon, magbabantay ako, at kung papasok sa nayon ang pulisya ng malaking pulang dragon, aalertuhan ko kayo.” Dapat gawin man lang ito ng sinumang may katiting na pagkatao, at hindi niya dapat guluhin ang paghahangad ng iba sa katotohanan. Pero iyong mga walang pagkatao, kapag hindi umaayon ang mga bagay-bagay ayon sa gusto nila o kapag nakikita nilang minamaliit at nilalayuan sila ng mga kapatid, nararamdaman nilang ibinunyag at itiniwalag na sila ng Diyos, na wala na silang pag-asang maligtas. Kapag nagkikimkim sila ng gayong mga ideya at kaisipan, sumusuko sila at nagsisimulang kumilos nang walang pakundangan, nagbubulalas ng pagkanegatibo at nanggugulo sa buhay iglesia nang walang konsensiya. Anong klaseng mga tao ang gumagawa nito? Hindi ba’t mga diyablo sila? (Oo.) Dapat bang magpakita ng konsiderasyon sa mga tao na mga diyablo naman? (Hindi.) Kaya, paano ito dapat na pangasiwaan? Sabihin mo, “Nagpupunta ka sa mga pagtitipon pero hindi ka nagbabasa ng mga salita ng Diyos ni tumatanggap sa katotohanan. Kung gayon, bakit ka pa naririto? Para magdulot ng kaguluhan, tama? Iniisip mo na wala kang pag-asang maligtas; sa totoo lang, hindi rin namin nararamdaman na may malaking pag-asa kami, pero nagsisikap kami. Naniniwala kami na walang pagkiling ang Diyos, na mapagkakatiwalaan Siya, na taos ang puso Niya sa pagliligtas ng mga tao, at na hindi nagbabago ang puso Niya. Hangga’t may katiting na pag-asa, hindi kami susuko. Hindi kami palaging magiging negatibo at magkakamali ng pagkaunawa sa Diyos gaya mo. Nananaginip ka kung iniisip mong kaya mo kaming guluhin o pigilan! Kung patuloy kang magmamatigas, magpapatuloy sa ganitong paniniwala, at magpapatuloy sa mapaminsalang kagustuhan mo na guluhin kami, huwag mo kaming sisisihin kung hindi kami magiging magalang sa iyo. Simula ngayon, pinapaalis ka na; wala nang puwang para sa iyo sa iglesia. Umalis ka na!” Sa ganitong paraan, hindi ba’t napangasiwaan na ang problema? Ang simple nito, gamit lang ang ilang salita ay naalis na sila. Napakadali nitong gawin! Bakit ito pangangasiwaan sa ganitong paraan? Dahil hindi mababago ang kalikasang diwa ng gayong mga tao; hindi nila tatanggapin ang katotohanan. Iniisip nila na wala na silang pag-asang maligtas; hindi ito sinabi ng Diyos, ni ng mga kapatid, pero gumagawa sila ng kasamaan at nagdudulot ng mga kaguluhan sa ganitong paraan. Ano ang gagawin nila kung isang araw ay papatalsikin nga sila dahil sa paggawa ng kasamaan at panggugulo sa gawain ng iglesia, o kung didisiplinahin sila ng Diyos dahil hindi nila hinahangad ang katotohanan? Maaari ba silang maging mga kaaway ng Diyos, maaari ba silang magbalak na maghiganti? Malaki ang posibilidad nito! Mabuti at nabubunyag ang gayong mga tao bago pa sila makapagsakatuparan ng anumang masasamang gawa o makagawa ng anumang malaking kasamaan. Gawa ito ng Diyos; ibinunyag sila ng Diyos. Ngayon, ang pag-alis

sa kanila ay tama lang; hindi pa nagdusa ng anumang kawalan ang ibang mga tao. Ang pangangasiwa rito sa ganitong paraan ay maagap at angkop; ang lahat ay nagkakamit ng pagkilatis, at napapangasiwaan ang masasamang tao. Ang papel nila bilang isang hambingan ay natupad nang husto.

Sa pangkalahatan, ito ang iba't ibang kalagayan at pagpapamalas ng mga taong nagbubulalas ng pagkanegatibo. Kapag hindi natupad ang kanilang pagnanais na maghangad ng katayuan, kasikatan, at pakinabang, kapag gumagawa ng mga bagay ang Diyos na salungat sa kanilang mga kuru-kuro at mga imahinasyon, mga bagay na nauugnay sa kanilang mga interes, nasisilo sila sa mga damdamin ng pagsuway at kawalang-kasiyahan. At kapag taglay nila ang mga damdaming ito, nagsisimulang bumuo ang kanilang isipan ng mga palusot, pagdadahilan, pangangatwiran, pagdedepensa, at iba pang mga kaisipan ng pagrereklamo. Sa oras na ito, hindi sila nagpupuri sa Diyos o nagpapasakop sa Kanya, at lalong hindi nila hinahanap ang katotohanan upang kilalanin ang kanilang sarili; sa halip, nilalabanan nila ang Diyos gamit ang kanilang mga kuru-kuro, imahinasyon, kaisipan, at pananaw, o pagkamainitin ng ulo. At paano sila lumalaban sa Diyos? Ikinakalat nila ang kanilang mga damdamin ng pagsuway at kawalang-kasiyahan, ginagamit ito para linawin ang kanilang mga kaisipan at pananaw sa Diyos, sinisikap na pakilusin ang Diyos ayon sa kanilang kalooban at mga hinihingi upang matugunan ang kanilang mga kahilingan; saka lamang mapapayapa ang kanilang mga damdamin. Partikular na nagpapahayag ang Diyos ng maraming katotohanan para hatulan at kastiguhin ang mga tao, para dalisayin ang kanilang mga tiwaling disposisyon, para iligtas ang mga tao mula sa impluwensiya ni Satanas, at sino ang nakakaalam kung ilang pangarap ng mga tao na mapagpala ang naputol ng mga katotohanang ito, na nagwawasak sa pantasya na madala paitaas sa kaharian ng langit na inasam nila araw at gabi. Nais nilang gawin ang lahat ng kaya nila para baguhin ang mga bagay-bagay—pero wala silang lakas, maaari lang silang malubog sa kapahamakan nang may pagkanegatibo at hinanakit. Masuwayin sila sa lahat ng ito na isinaayos ng Diyos, dahil ang ginagawa ng Diyos ay salungat sa kanilang mga kuru-kuro, interes, at iniisip. Sa partikular, kapag ginagawa ng iglesia ang gawain ng paglilinis at itinitiwalag ang maraming tao, iniisip ng mga taong ito na hindi sila inililigtas ng Diyos, na itinaboy sila ng Diyos, na hindi patas ang pagtrato sa kanila, at kaya, magkakaisa sila para tutulan ang Diyos; ikakaila nila na ang Diyos ang katotohanan, ikakaila ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, at ikakaila ang matuwid na disposisyon ng Diyos. Siyempre pa, ikakaila rin nila ang katunayan ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. At sa anong paraan nila ikinakaila ang lahat ng ito? Sa pamamagitan ng pagtutol at paglaban. Ang implikasyon ay "Ang ginagawa ng diyos ay salungat sa aking mga kuru-kuro, kaya nga hindi ako nagpapasakop, hindi ako naniniwala na ikaw ang katotohanan. Magpoprotesta ako laban sa iyo at ipapakalat ko ang mga bagay na ito sa iglesia at sa mga tao! Sasabihin ko ang anumang gusto ko, at wala akong pakialam kung ano ang mga kahihinatnan. May kalayaan akong magsalita; hindi mo ako mapapatahimik—sasabihin

ko ang gusto ko. Ano ang magagawa mo?” Kapag ipinipilit ng mga taong ito na sabihin ang kanilang mga maling kaisipan at pananaw, sariling pagkaunawa ba nila ang tinutukoy nila? Katotohanan ba ang ibinabahagi nila? Talagang hindi. Nagpapakalat sila ng pagkanegatibo; binibigyang boses nila ang mga maling paniniwala at mga panlilinlang. Hindi nila sinisikap na alamin ang sarili nilang katiwalian o inilalantad ang mga ito; hindi nila inilalantad ang mga bagay na nagawa nila na salungat sa katotohanan, ni hindi nila inilalantad ang mga pagkakamaling nagawa nila. Sa halip, ginagawa nila ang makakaya nila para pangatwiranan at ipagtanggol ang kanilang mga pagkakamali upang patunayan na tama sila, at kasabay nito ay bumubuo rin sila ng katawa-tawang kongklusyon, at nagsasabi ng mga negatibo at baluktot na mga pananaw, gayundin ng mga balikong argumento at maling paniniwala. Ang epekto sa hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia ay ang ilihis at guluhin sila; maaari pa nga nitong ilubog ang ilang tao sa kalagayan ng pagkanegatibo at pagkalito. Ang lahat ng ito ang masasamang epekto at panggugulo na sanhi ng mga taong nagbubulalas ng pagkanegatibo. Samakatwid, dapat limitahan ang mga nagbubulalas ng pagkanegatibo, pati na ang pananalita at pag-uugali nila—hindi sila dapat kunsintihin o pahintulutan. Dapat may mga angkop na pamamaraan at prinsipyo ang iglesia para pangasiwaan ang mga taong ito. Sa isang banda, dapat kilatisin ng mga kapatid ang mga taong ito at ang mga negatibong komento ng mga ito. Sa kabilang banda, kapag may pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos, dapat agarang paalisin o patalsikin ng iglesia ang mga indibidwal na ito ayon sa mga katotohanang prinsipyo, para maiwasan na maimpluwensiyahan at magulo ang mas maraming tao. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa iba’t ibang aspekto ng pagbubulalas ng pagkanegatibo.

C. Ang mga Prinsipyo at Landas Para sa Paglutas ng Pagkanegatibo

Ang mga tao ay nagtataglay ng satanikong kalikasan; namumuhay sa isang satanikong disposisyon, mahirap iwasan ang mga negatibong kalagayan. Lalo na kapag hindi nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, nagiging karaniwang pangyayari ang pagkanegatibo. Lahat naman ng tao ay may mga panahon ng pagkanegatibo; mas madalas ito para sa ilan, mas madalang naman para sa ilan, mas matagal para sa ilan, at mas maikli naman para sa ilan. Magkakaiba ang tayog ng mga tao, pati na rin ang mga kalagayan nila ng pagkanegatibo. Ang mga tao na may mas mataas na tayog ay nagiging medyo negatibo lang kapag nahaharap sila sa mga pagsubok, samantalang ang mga tao na may mas mababang tayog, hindi pa nakakaunawa sa katotohanan, ay hindi makakilatis kapag nagpapakalat ang ibang tao ng ilang kuru-kuro o nagsasabi ng mga walang katotohanang bagay; maaari silang magulo, maimpluwensiyahan, at maging negatibo. Anumang problemang lumilitaw ay puwedeng humantong sa pagkanegatibo nila, kahit ang maliliit na usapin na hindi na nararapat pang banggitin. Paano dapat lutasin ang isyung ito ng madalas na pagkanegatibo? Kung hindi alam ng isang tao kung paano hanapin ang katotohanan, kung paano kumain at uminom ng mga salita ng Diyos,

o magdasal sa Diyos, nagiging malaking problema ito; maaari lang siyang umasa sa suporta at tulong ng mga kapatid. Kung walang makakatulong, o kung hindi siya tumatanggap ng tulong, maaaring manatili silang napakanegatibo hanggang sa hindi na sila makabawi at maaaring tumigil pa nga sila sa pananampalataya. Tingnan ninyo, napakamapanganib para sa isang tao na palaging magkaroon ng mga kuru-kuro at madaling maging negatibo. Gaano man makipagbahaginan sa gayong mga tao sa katotohanan, hindi nila ito tinatanggap, palagi nilang iginigiit na tama ang sarili nilang mga kuru-kuro at imahinasyon; malaking problema ang mga taong ito. Gaano ka man kanegatibo, dapat mong maunawaan sa puso mo na ang pagkakaroon ng mga kuru-kuro ay hindi nangangahulugang nakaayon ang mga ito sa katotohanan; nangangahulugan ito na may problema sa pagkaarok mo. Kung may kaunti kang katwiran, hindi mo dapat ipakalat ang mga kuru-kurong ito; ito ang pinakamababang dapat na itaguyod ng mga tao. Kung mayroon kang kaunting may-takot-sa-Diyos na puso at kaya mong aminin na isa kang tagasunod ng Diyos, dapat mong hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga kuru-kuro mo, makapagpasakop ka sa katotohanan, at makaiwas na magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan. Kung hindi mo ito magawa at iginigiit mong magpakalat ng mga kuru-kuro, nawalan ka na ng katwiran; hindi normal ang isipan mo, sinasapian ka ng mga demonyo, at wala kang kontrol sa sarili mo. Dahil pinapangibabawan ka ng mga demonyo, sinasabi at ipinapakalat mo ang mga kuru-kurong ito anuman ang mangyari—wala nang magagawa pa rito, gawa ito ng masasamang espiritu. Kung may kaunti kang konsensiya at katwiran, dapat mong magawa ito: huwag magpakalat ng mga kuru-kuro, at huwag guluhin ang mga kapatid. Kahit na maging negatibo ka, hindi ka dapat gumawa ng mga bagay na nakakapinsala sa mga kapatid; dapat gawin mo lang nang maayos ang tungkulin mo, gawin nang maayos ang dapat mong gawin, at tiyaking wala kang paninisi sa sarili—ito ang pinakamababang pamantayan para sa pag-asal. Kahit na negatibo ka kung minsan, pero wala ka namang anumang ginawa na lampas sa mga hangganan, hindi pagtutuunan ng Diyos ang pagkanegatibo mo. Hangga't nagtataglay ka ng konsensiya at katwiran, hangga't kaya mong magdasal at umasa sa Diyos, at hanapin ang katotohanan, sa huli ay mauunawaan mo ang katotohanan at makakapagbago ka. Kung mahaharap ka sa malalaking pangyayari, tulad ng pagkakatanggal at pagkakatiwalag dahil sa hindi paggawa ng tunay na gawain bilang isang lider, at pakiramdam mo ay wala ka nang pag-asang maligtas, at naging negatibo ka—sobrang negatibo hanggang sa puntong hindi ka na makabawi, pakiramdam mo ay kinondena at isinumpa ka na, at nagkakaroon ka ng mga maling pagkaunawa at reklamo laban sa Diyos—ano ang dapat mong gawin? Napakadaling pangasiwaan nito: Humanap ng ilang tao na nakakaunawa sa katotohanan para makipagbahaginan at maghanap kasama nila, at sabihin sa mga tao na ito ang laman ng puso mo. Ang mas mahalaga, lumapit ka sa Diyos para magdasal nang tapat tungkol sa pagkanegatibo at kahinaan mo, pati na rin sa ilang bagay na hindi mo nauunawaan at hindi mapagtagumpayan, isa-isahin mo ang mga ito—makipagbahaginan sa Diyos, huwag magtago ng anuman. Kung may

mga bagay na hindi mo masabi sa iba, lalo't higit na dapat kang lumapit sa Diyos para magdasal. Itinatanong ng ilang tao, "Hindi ba't ang pakikipag-usap sa Diyos tungkol dito ay humahantong sa pagkondena?" Hindi ba't marami ka nang ginawang kontra sa Diyos at karapat-dapat ka sa Kanyang pagkondena? Bakit mag-aalala ka pa na madagdag ang isang bagay na ito? Sa tingin mo ba, kung hindi ka magsasalita tungkol dito, hindi malalaman ng Diyos? Alam ng Diyos ang lahat ng iniisip mo. Dapat ay tapat kang makipagbahaginan sa Diyos, ilahad mo ang lahat ng nasa puso mo, ipahayag mo sa Kanya nang tapat ang mga problema at kalagayan mo. Puwede mong sabihin sa Diyos ang lahat ng kahinaan, paghihimagsik, at kahit pa ang mga reklamo mo; kahit gusto mong maglabas ng sama ng loob, ayos lang iyon—hindi ito kokondenahin ng Diyos. Bakit hindi ito kinokondena ng Diyos? Alam ng Diyos ang tayog ng tao; kahit hindi ka makipag-usap sa Kanya, alam pa rin Niya ang tayog mo. Sa isang banda, sa pakikipag-usap sa Diyos, ito ang pagkakataon mo na magtapat at maging bukas sa Diyos. Sa kabilang banda, ipinapakita rin nito ang saloobin mo ng pagpapasakop sa Diyos; kahit papaano, ipinapakita mo sa Diyos na hindi sarado ang puso mo sa Kanya, mahina ka lang, walang sapat na tayog para mapagtagumpayan ang usaping ito, iyon lang. Hindi mo intensiyon na tumutol; ang saloobin mo ay magpasakop, pero masyadong maliit ang tayog mo, at hindi mo makayanan ang usaping ito. Kapag lubos mong binuksan ang puso mo sa Diyos at nagawa mong ibahagi sa Kanya ang mga pinakamalalim na kaisipan mo, bagama't maaaring may kasamang kahinaan at mga reklamo ang sinasabi mo—at, sa partikular, mayroon itong maraming negatibong bagay—may isang bagay na tama rito: Inaamin mong may tiwali kang disposisyon, inaamin mong isa kang nilikha, hindi mo ikinakaila ang pagkakakilanlan ng Diyos bilang ang Lumikha, ni ikinakaila na ang ugnayan sa pagitan mo at ng Diyos ay ang ugnayan ng isang nilikha sa Lumikha. Ipinagkakatiwala mo sa Diyos ang mga bagay na pinakanahihirapan kang mapagtagumpayan, ang mga bagay na pinakanagpapahina sa iyo, at sinasabi mo sa Diyos ang lahat ng nasa pinakakaibuturan ng damdamin mo—ipinapakita nito ang saloobin mo. Sinasabi ng ilang tao, "Minsan ay nagdasal ako sa Diyos, pero hindi nito nalutas ang pagkanegatibo ko. Hindi ko pa rin ito mapagtagumpayan." Hindi ito mahalaga; kailangan mo lang na taimtim na hanapin ang katotohanan. Kahit gaano karami ang nauunawaan mo, unti-unti kang palalakasin ng Diyos, at hindi ka na magiging kasinghina nang gaya noong simula. Gaano man katindi ang kahinaan at pagkanegatibo mo, o gaano man karami ang mga reklamo at negatibong emosyong mayroon ka, makipag-usap ka sa Diyos; huwag mong tratuhin ang Diyos na isang tagalabas. Kahit kanino ka man magtago ng mga bagay, huwag kang magtago ng kahit ano sa Diyos, dahil ang Diyos lang ang maaasahan mo at Siya rin ang tanging kaligtasan mo. Tanging sa paglapit sa Diyos malulutas ang mga problemang ito; walang silbi ang pag-asa sa mga tao. Kaya, kapag nahaharap sa pagkanegatibo at kahinaan, iyong mga lumalapit sa Diyos at umaasa sa Kanya ang pinakamatatalino. Tanging ang mga taong hangal at matitigas ang ulo, kapag nahaharap sa mga mahalaga at kritikal na pangyayari

at kinakailangang ilahad sa Diyos ang nilalaman ng puso nila, ang lalong lumalayo at umiiwas sa Diyos, nagpaplano sila sa isipan nila. At ano ang resulta ng lahat ng pagpaplanong ito? Ang pagkanegatibo at mga pagrereklamo nila ay nagiging pagtutol, at ang pagtutol ay nagiging paglaban at pagpoprotesta laban sa Diyos; nagiging ganap na hindi kasundo ng Diyos ang mga taong ito, at lubusang napuputol ang ugnayan nila sa Diyos. Gayumpaman, kapag nahaharap ka sa gayong pagkanegatibo at kahinaan, kung magagawa mo pa ring piliin na lumapit sa Diyos para hanapin ang katotohanan, at piliing magpasakop sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, at nagkakaroon ka ng tunay na mapagpasakop na saloobin, kung gayon, dahil nakikitang tunay na gusto mo pa ring magpasakop sa Kanya kahit na negatibo at mahina ka, malalaman ng Diyos kung paano ka gagabayan, aakayin ka palabas sa pagkanegatibo at kahinaan mo. Pagkatapos magkaroon ng mga ganitong karanasan, magkakaroon ka ng tunay na pananalig sa Diyos. Mararamdaman mo na anumang mga suliranin ang kinakaharap mo, hangga't hinahanap mo ang Diyos at hinihintay mo Siya, magsasaayos Siya ng isang daan palabas para sa iyo nang hindi mo namamalayan, na magbibigay-daan para makita mo na, nang hindi mo man lang namamalayan, nagbago na ang mga sitwasyon, kaya hindi ka na mahina kundi matatag, at lalakas ang pananalig mo sa Diyos. Kapag pinagninilayan mo ang mga pangyayaring ito, mararamdaman mong napakababaw ng kahinaan mo noong panahong iyon. Sa katunayan, sadyang ganoon kababaw ang mga tao, at kung wala ang suporta ng Diyos, hindi sila kailanman yayabong mula sa kanilang kababawan at kamangmangan. Sa pamamagitan lang ng unti-unting pagtanggap at pagpapasakop sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa proseso ng pagdanas ng mga bagay na ito, sa positibo at aktibong pagharap sa mga katunayang ito, paghahanap sa mga prinsipyo, paghahanap sa mga layunin ng Diyos, hindi pag-iwas o paglayo sa Diyos, o pagiging mapaghimagsik laban sa Diyos, kundi pagiging mas mapagpasakop, na patuloy na nababawasan ang paghihimagsik, nagiging mas malapit sa Diyos, at mas nagagawang magpasakop nang husto sa Diyos—tanging sa pagdanas lang nang ganito unti-unting lumalago at yumayabong ang buhay ng isang tao, ganap na lumalago sa tayog ang isang tao na nasa hustong gulang na.

Paano dapat harapin at lutasin ng isang tao ang mga negatibong kalagayan? Hindi dapat katakutan ang pagkanegatibo; ang susi ay ang magkaroon ng katwiran. Hindi ba't madali para sa isang tao na maging hangal kapag palagi siyang negatibo? Kapag negatibo ang isang tao, puro reklamo lang siya o sinusukuan niya ang sarili, at nagsasalita at kumikilos siya nang walang katwiran—hindi ba't nakakaapekto ito sa paggampan niya ng tungkulin? Kung ang isang tao ay magpapakalugmok sa kapighatian at magpapakatamad dahil sa pagkanegatibo, hindi ba't pagkakanulo ito sa Diyos? Ang matinding pagkanegatibo ay tulad ng pagkakaroon ng sakit sa pag-iisip, medyo katulad ito ng pagiging sinasapian ng mga demonyo; kawalan ito ng katwiran. Talagang mapanganib ang hindi paghahanap sa katotohanan para sa mga solusyon. Kapag negatibo ang mga tao, kung ganap na wala silang may-takot-sa-Diyos na puso, madali

silang mawawalan ng katwiran; maglilibot-libot sila at ikakalat nila ang kanilang pagkanegatibo, kawalang-kasiyahan, at mga kuru-kuro. Ito ay sadyang pagkontra sa Diyos at maaaring madaling makagambala at makagulo sa gawain ng iglesia, isang kahihinatnang masyadong kakila-kilabot na isipin, at malaki ang posibilidad na itaboy sila ng Diyos. Gayumpaman, kung ang isang tao na negatibo ay kayang hanapin ang katotohanan, magpanatili ng may-takot-sa-Diyos na puso, hindi nagsasalita ng negatibo, ni nagkakalat ng sarili niyang pagkanegatibo at mga kuru-kuro, at nagpapanatili ng pananalig niya sa Diyos at ng mapagpasakop na saloobin sa Diyos, madaling makakaahon mula sa pagkanegatibo ang gayong tao. Ang lahat ng tao ay may mga panahon ng pagkanegatibo; nagkakaiba-iba lang sila ayon sa tindi, tagal, at mga dahilan. Karaniwang hindi negatibo ang ilang tao pero nagiging negatibo sila kapag nahaharap sa pagkabigo at pagkakamali sa isang bagay; ang iba ay maaaring maging negatibo dahil sa maliliit na bagay, kahit na ito ay dahil lang sa sinabi ng isang tao na nakasira sa kanyang pride. At ang ilan naman ay nagiging negatibo dahil sa mga pangyayaring medyo hindi maganda. Nauunawaan ba ng mga gayong tao kung paano mamuhay? Mayroon ba silang kabatiran? Mayroon ba silang lawak ng isipan at kagandahang-loob ng isang normal na tao? Wala. Anuman ang mga sitwasyon, hangga't namumuhay ang isang tao sa loob ng mga tiwaling disposisyon niya, madalas siyang malulugmok sa ilang negatibong kalagayan. Siyempre, kung nauunawaan ng isang tao ang katotohanan at kaya niyang kumilatis ng mga bagay, ang kanyang negatibong mga kalagayan ay lalong magiging bihira at unti-unting maglalaho ang pagkanegatibo niya habang lumalago ang tayog niya, na sa huli ay ganap na mawawala. Iyong mga hindi nagmamahal sa katotohanan, hindi man lang tumatanggap sa katotohanan, ay magkakaroon ng dumaraming negatibong emosyon, negatibong kalagayan, at negatibong kaisipan at saloobin, na lalong lalala habang naiipon ang mga ito, at kapag nalunod na sila sa mga ito, hindi na sila makakabangon, na napakamapanganib. Kaya, napakahalaga ng agarang paglutas sa pagkanegatibo. Para malutas ang pagkanegatibo, kailangang maagap na hanapin ng isang tao ang katotohanan; ang pagbabasa at pagninilay sa mga salita ng Diyos habang nagpapanatili ng isang payapang kalooban sa presensiya ng Diyos ang aakay sa kanya papunta sa pagkakamit ng kaliwanagan at pagtanglaw, na nagtutulot na maunawaan ng isang tao ang katotohanan at makilatis niya ang diwa ng pagkanegatibo, kaya malulutas ang problema ng pagkanegatibo. Kung kumakapit ka pa rin sa sarili mong mga kuru-kuro at katwiran, isa kang malaking hangal, at ikakamatay mo ang kahangalan at kamangmangan mo. Anuman ang mangyari, ang paglutas ng pagkanegatibo ay dapat na maagap, hindi pasibo. Iniisip ng ilang tao na kapag lumitaw ang pagkanegatibo, dapat lang nila itong balewalain; kapag naging masaya na silang muli, ang kanilang pagkanegatibo ay natural na magiging kagalakan. Isa itong pantasya; kung walang paghahanap o pagtanggap sa katotohanan, hindi kusang mawawala ang pagkanegatibo. Kahit na makalimutan mo ito at wala kang maramdaman sa puso mo, hindi ibig sabihin nito na nalutas na ang ugat ng pagkanegatibo mo. Sa sandaling

lumitaw ang angkop na sitwasyon, babalik ito, na isang pangkaraniwang pangyayari. Kung ang isang tao ay matalino at may katwiran, dapat na agad niyang hanapin ang katotohanan kapag lumitaw ang pagkanegatibo at gamitin niya ang pamamaraan ng pagtanggap sa katotohanan para lutasin ito, kaya malulutas ang pinakaugat ng isyu ng pagkanegatibo. Ang lahat ng madalas na negatibo ay ganoon dahil hindi nila kayang tanggapin ang katotohanan. Kung hindi mo tinatanggap ang katotohanan, ang pagkanegatibo ay kakapit sa iyo na parang isang diyablo, gagawin ka nitong palaging negatibo, na magdudulot sa iyo na magkaroon ng mga damdamin ng pagsuway, kawalang-kasiyahan, at hinanakit sa Diyos, hanggang sa nilalabanan, inaaway mo ang Diyos, at nagpoprotesta ka laban sa Kanya—iyan ang oras na narating mo na ang katapusan, at malalantad na ang pangit mong mukha. Sisimulan ka nang ilantad, himayin, at ilarawan ng mga tao, at ngayong nahaharap ka na sa madilim na realidad, saka lang tutulo ang mga luha mo; saka ka babagsak at sisimulan mong hampasin ang dibdib mo dahil sa kawalan ng pag-asa—maghintay ka lang at matatanggap mo ang kaparusahan ng Diyos! Bukod sa nagpapahina sa mga tao ang pagkanegatibo, idinudulot din nito na magreklamo sila tungkol sa Diyos, husgahan ang Diyos, itatwa ang Diyos, at direktang lumaban at magprotesta pa nga laban sa Diyos. Kaya, kung naantala ang paglutas sa pagkanegatibo ng isang tao, kapag nagbunyag na siya ng mga kalapastanganang salita at sumalungat siya sa disposisyon ng Diyos, napakalubha ng mga kahihinatnan. Kung malugmok ka sa pagkanegatibo at magkikimkim ka ng mga reklamo dahil sa isang pangyayari, isang parirala, o isang kaisipan o pananaw, ipinapakita nito na baluktot ang pagkaunawa mo sa usapin, at mayroon kang mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol dito; tiyak na ang mga pananaw mo tungkol sa usaping ito ay hindi umaayon sa katotohanan. Sa puntong ito, kailangan mong hanapin ang katotohanan at harapin ito nang tama, nagsusumikap na agad na itama ang mga maling kuru-kuro at ideya sa lalong madaling panahon, hindi hinahayaan ang sarili mo na magapos at malihis ng mga kuru-kurong ito sa isang kalagayan ng pagsuway, kawalang-kasiyahan, at hinanakit sa Diyos. Napakahalaga ng agarang paglutas sa pagkanegatibo, at napakahalaga rin ng ganap na paglutas dito. Siyempre, ang pinakamainam na paraan para lutasin ang pagkanegatibo ay ang hanapin ang katotohanan, magbasa ng higit pang mga salita ng Diyos, at lumapit sa Diyos para hanapin ang Kanyang kaliwanagan. Minsan, maaaring pansamantala ay hindi mo kayang baliktarin ang mga kaisipan at pananaw mo, pero sa pinakamababa, dapat mong malaman na mali ka at na baluktot ang mga kaisipan mong ito. Sa ganitong paraan, ang pinakamaliit na resulta ay na ang mga maling kaisipan at pananaw na ito ay hindi makakaapekto sa katapatan mo sa paggawa ng tungkulin mo, hindi makakaapekto sa ugnayan mo sa Diyos, at hindi makakaapekto sa paglapit mo sa Diyos para sabihin ang nilalaman ng puso mo at manalangin—sa pinakamababa, ito ang resultang dapat makamit. Kapag nalulunod ka sa pagkanegatibo at nakakaramdam ka ng pagsuway at kawalang-kasiyahan, at nagkikimkim ka ng mga reklamo tungkol sa Diyos pero ayaw mong hanapin ang katotohanan para malutas ito, iniisip mong normal

ang ugnayan mo sa Diyos kahit na ang totoo ay malayo sa Diyos ang puso mo at ayaw mo nang basahin ang Kanyang mga salita o magdasal, hindi ba't naging malubha na ang problema? Sinasabi mo, "Gaano man ako kanegatibo, hindi nahadlangan ang pagtupad ko sa tungkulin at hindi ko tinalikuran ang gawain ko. Tapat ako!" Wasto ba ang mga salitang ito? Kung madalas kang negatibo, hindi ito usapin ng isang tiwaling disposisyon; may mas malulubhang isyu: May mga kuru-kuro ka tungkol sa Diyos, maling pagkaunawa sa Kanya, at lumikha ka ng mga hadlang sa pagitan mo at ng Diyos. Kung hindi mo hahanapin ang katotohanan para lutasin ito, napakamapanganib nito. Paano masisiguro ng isang tao ang tapat niyang paggawa sa tungkulin niya hanggang sa wakas at nang walang pagiging pabasta-basta kung madalas siyang negatibo? Puwede bang kusang mawala o maglaho ang pagkanegatibo kung hindi ito lulutasin? Kung hindi hahanapin nang maagap ng isang tao ang katotohanan para sa isang solusyon, ang pagkanegatibo ay patuloy na lalala at lalo pang lulubha. Ang mga kahihinatnan nito ay magiging mas mapanganib. Tiyak na hindi siya uusad sa isang positibong direksiyon, lalala ang mga ito. Samakatwid, kapag lumilitaw ang pagkanegatibo, dapat agad mong hanapin ang katotohanan para lutasin ito; tanging ito ang makakatiyak na magagawa mo nang maayos ang mga tungkulin mo. Ang paglutas sa pagkanegatibo ay napakahalaga, at hindi ito maaaring ipagpaliban!

Hunyo 26, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (18)

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikaanim na Bahagi)

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

X. Pagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis

Noong huling pagtitipon, nagbahaginan tayo sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon." Para sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia na nakikita sa buhay iglesia, hinati-hati natin ang mga ito sa labing-isang isyu. Basahing muli ang mga ito. (Una, madalas na paglihis sa paksa kapag nagbabahaginan sa katotohanan; ikalawa, pagsasabi ng mga salita at doktrina para ilihis ang mga tao at makuha ang kanilang pagpapahalaga; ikatlo, pagdadaldal tungkol sa mga usapin sa tahanan, pagbubuo ng mga personal na koneksiyon, at pag-aasikaso sa mga personal na usapin; ikaapat, pagpapangkat-pangkat; ikalima, pakikipag-agawan para sa katayuan; ikaanim, pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan; ikapito, pambabatikos at pagbabangayan sa isa't isa; ikawalo, pagpapakalat ng mga kuru-kuro; ikasiyam, pagbubulalas ng pagkanegatibo; ikasampu, pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis; at ikalabing-isa, pagmamanipula at paggambala sa mga halalan.) Noong nakaraan, nagbahaginan tayo sa ikasiyam na isyu. Ngayon, magbabahaginan tayo sa ikasampu—pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis.

A. Ang mga Pagpapamalas ng Pagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis

Nagaganap na sa iglesia ang mga insidente ng pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis. Ang ilang tao ay hindi nagmamahal sa katotohanan at hindi nakatuon sa pagsasagawa ng katotohanan sa paggampan ng tungkulin nila; sa mga usapin mang

may kaugnayan sa mga katotohanang prinsipyo o sa mga personal nilang paghahangad, hindi sila nakatuon sa paghahanap sa katotohanan—walang puwang sa puso nila ang mga pagtuong ito. Sa pananampalataya nila sa Diyos, mahilig lang silang magtanong tungkol sa mga sabi-sabi at personal na impormasyon, at mangalap ng mga kakaiba at di-pangkaraniwang mga kuwento. Siyempre, mas masigasig sila sa pag-uusisa sa mga usaping may kaugnayan sa Diyos at sa gawain ng Diyos, pati na rin sa mga usapin tungkol sa sambahayan ng Diyos at sa mga lider at manggagawa ng iglesia. Kasabay nito, mahilig silang magpakalat ng mga sabi-sabi na walang batayan, ipinapakalat nila ang mga bagay na naririnig nila o nasa imahinasyon nila na hindi naman talaga totoo. Hindi mahilig magbasa ng mga salita ng Diyos ang mga gayong tao, bihira silang magdasal, at sa panahon ng mga pagtitipon ay madalang silang makipagbahaginan sa katotohanan at bihira nilang talakayin ang sarili nilang kalagayan, mga personal na paghahangad at pagpasok, o ang pagkaunawa nila sa gawain ng Diyos, at iba pa. Siyempre, hindi sila interesado sa mga nakikipagbahaginan sa katotohanan o sa mga nakikipagbahaginan tungkol sa patotoong batay sa karanasan ng mga ito, ni hindi sila interesado sa mga usaping ito. Gayumpaman, sa sandaling marinig nilang tinatalakay ng isang tao kung anong punto na ang naabot ng gawain ng Diyos, o sa sandaling makita nila ang nilalaman ng mga salita ng Diyos tungkol sa mga sakuna, mga hantungan ng mga tao, pagbabagong-anyo ng Diyos, at iba pa, biglang nagniningning ang mga mata nila, at nagiging labis silang nakatuon. Sa sandaling mabasa o marinig nila ang mga salitang ito, agad silang nagiging interesado. Batay sa mga pagpapamalas ng mga taong ito, malinaw na hindi sila nananampalataya sa Diyos para hangarin ang katotohanan, o para gawin ang tungkulin nila at sumunod sa Diyos, at tiyak na hindi para magpasakop at sumamba sa Diyos. Pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos at hindi talaga nila pinag-iisipan ang paggawa sa anumang tungkulin. Gusto lang nilang mag-usisa at mangalap ng ilang sabi-sabi o magpakalat ng ilang tsismis. Nasisiyahan sila sa mga aktibidad na ito at wala silang anumang interes sa mga patotoong batay sa karanasan, sa mga himno, o sa mga pelikula ng sambahayan ng Diyos. Gusto lang nilang mag-online para mangalap ng mga pahayag at pagsusuri na sinasabi ng mga puwersang anticristo sa relihiyosong mundo tungkol sa sambahayan ng Diyos, sa gawain ng iglesia, at sa nagkatawang-taong Diyos. Kahit na paminsan-minsan nilang tinitingnan ang mga video ng sambahayan ng Diyos, hindi ito dahil sa panloob na pananabik na hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga sarili nilang problema. Kaya, ano ang tinitingnan nila? Tinitingnan nila ang mga komento sa ibaba ng mga video, at pinipili nila ang mga binabasa nila. Nilalampasan nila ang mga komento mula sa mga kapatid sa iglesia, bagkus ay partikular silang interesado sa mga komento mula sa relihiyosong mundo at sa mga walang pananampalataya. Partikular pa nga nilang tinitingnan ang mga komento at pahayag mula sa malaking pulang dragon, sinusubukan nilang makatuklas ng ilang bagay mula sa mga ito. Kapag nakikita nila ang mga negatibong propaganda, pahayag, at gawa-gawang tsismis na ito, hindi nila hinahanap ang katotohanan at kinikilatis ang

mga ito; sa halip, nagagawa pa nga nilang tanggapin ang ilang negatibong komento at pahayag na ito, at itinuturing ang mga ito bilang mga katunayan. Gaano man karami ang mga positibong komento roon, ayaw nilang basahin ang mga ito at hindi sila naniniwalang totoo ang mga ito; tanging iyong mga negatibong komento o mga tsismis ang nakakukuha ng atensiyon nila at nakapupukaw ng kanilang interes. Sa tuwing nakikita nila ang mga negatibong komentong ito, labis silang nasisiyahan at nagiginhawahan sa loob-loob nila. Partikular silang interesado sa mga tsismis at paghusgang ganap na hindi totoo, at maging sa mga pambabatikos at paninirang-puri laban sa Diyos, na kumakalat sa mundo, sa relihiyosong mundo, o sa online, at palagi nilang masipag na inaaral at kinakalap ang mga ito. Sa kabaligtaran naman, walang-wala silang interes sa mga salita ng Diyos, sermon, at pagbabahaginan, sa mga patotoong batay sa karanasan ng mga kapatid, at sa iba pang mga gayong bagay. Kaya, kapag ang iba ay nagbabasa ng mga salita ng Diyos, nakikipagbahaginan sa katotohanan, at nagbabahagi ng patotoong batay sa karanasan sa panahon ng mga pagtitipon, nakararamdam sila ng pagtutol, at tingin nila ay nakaaabala at hindi kailangan ang mga bagay na ito. Sa puso nila, partikular silang tutol na pagbahaginan ang katotohanan at pag-usapan ang pagkakilala sa sarili. Kung gayon, ano ang gusto nilang marinig? Gusto lang nilang marinig ang mga kakaiba at kakatwang bagay, maging ang mga ito man ay mga misteryo mula sa espirituwal na mundo o mga tsismis at sabi-sabing ipinapakalat ng relihiyosong mundo—sadyang handa silang makinig sa mga bagay na ito. Ang puso nila ay puno at okupado ng mga negatibong bagay na ito, at walang makapag-aalis ng mga negatibong bagay na ito mula sa kanila o makapaglalayo sa kanila mula sa mga negatibong bagay na ito. Bakit ganito? Dahil masyado silang interesado at mahilig sa mga ito! Samakatwid, kapag kasama nila ang mga kapatid, lalo na sa mga pagtitipon, mahilig silang makipagtalakayan tungkol sa ilang sabi-sabi na walang batayan, at nagpapakalat pa sila ng ilang negatibong komento tungkol sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia na nakikita nila sa online. Interesadong-interesado ang mga taong ito sa mga tsismis na ito. Bagama't alam na alam nila na hindi kapaki-pakinabang sa iba ang pagpapakalat ng mga bagay na ito, hindi nila makontrol ang sarili nila at ipinipilit nilang ipakalat ang mga ito. Kahit pa kailangan nilang maghanap ng mga oportunidad para ipakalat ang mga tsismis at negatibong propagandang ito, o kahit kailangan nilang gumugol ng oras sa pangangalap ng mga gayong bagay, o gamitin ang utak nila para mag-imbento ng mga gayong bagay, wala pa ring kapaguran ang pagiging masigasig nila rito. Kung, sa isang iglesia, ang mga lider ng iglesia ay may mahinang kakayahan at hindi nakagagawa ng tunay na gawain o nakakikilatis ng mga tao, kapag nagkaroon ng mga taong nagpapakalat ng mga tsismis at panlilinlang, magugulo at maaapektuhan ang buhay iglesia, at malilihis at makokontrol pa nga ng mga indibidwal na ito ang ilang tao. Bakit maraming tao ang madalas na nagugulo at nalilihis ng iba? Ang isang dahilan ay na hindi nila nauunawaan ang katotohanan at wala silang pagkilatis sa mga tsismis na naninira sa sambahayan ng Diyos. Ang isa pa ay na hindi pa hinog ang tayog ng ilang

kapatid na maikling panahon pa lang na nananampalataya, hindi nila nauunawaan ang katotohanan ng mga pangitain, at malabo sa kanila ang pagkakatawang-tao ng Diyos, ang gawain ng paghatol ng Diyos sa mga huling araw, at ang layunin ng Diyos na iligtas ang mga tao, hindi nila makita nang malinaw ang mga bagay na ito, at hindi nila tiyak kung ang yugtong ito ng gawain ay ang pagpapakita at gawain ng Diyos. Dahil dito, wala silang tunay na pananalig at ni hindi nila alam kung gaano katagal sila makasusunod sa Diyos. Natural na napakadali rin nilang mailihis, maimpluwensiyahan, at makontrol ng mga nagpapakalat ng mga tsismis.

B. Ang Diwa ng Pagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis ay Pagkilos Bilang Alipin ni Satanas

Ang mga taong ito na nagpapakalat ng walang batayang mga tsismis ay hindi lang hindi naniniwala sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos, kundi hindi rin nila makilatis kung ano ang tama sa mali. Palagi nilang pinagdududahan ang mga positibong bagay at madali silang mapaniwala ng mga tsismis at mga maladiyablong salita. Sinasabi ng mga taong ito na nananampalataya at sumusunod sila sa Diyos, pero nagpapakalat pa rin sila ng mga tsismis na naninira sa Diyos at sa iglesia, at ipinapakalat nila sa mga kapatid ang kung ano-anong tsismis na nakalap nila, walang pakundangan at paulit-ulit pa nga nilang ipinapakalat at isinasapubliko ang mga ito kung saan-saan. Batay rito ay malinaw na ang mga taong ito ay hindi nagmamahal sa katotohanan at naniniwala lang sa mga maladiyablong salita ng mga walang pananampalataya. Sa tumpak na salita, hindi talaga sila hinirang na mga tao ng Diyos at hindi sila mga miyembro ng sambahayan ng Diyos. Kung gayon, ano sila? Para maging tumpak, ang mga taong ito ay mga hindi mananampalataya, mga alipin sila ni Satanas. Sinasabi ng ilang tao, “Ang mga alipin ba ni Satanas ay mga espiyang ipinadala ng CCP? Mga ahente ba silang pinapasok ang sambahayan ng Diyos?” Hindi naman awtomatikong ganoon nga. Madaling makilatis ang mga ahente at espiyang iyon, pero ang mga taong ito na nagpapakalat ng mga tsismis ay mukhang mga tunay na mananampalataya sa panlabas. Gayumpaman, hindi nila hinahangad ang katotohanan at madalas silang kumikilos bilang mga tagapagsalita ni Satanas, at bilang kahalili ni Satanas ay nagpapakalat sila ng mga salitang naninira at bumabatikos sa Diyos, at ipinapakalat nila ang mga tsismis na gawa-gawa ni Satanas tungkol sa iglesia at sa sambahayan ng Diyos. Batay rito, sinuman ang nagpadala sa kanila, hindi ba’t mga alipin ni Satanas ang mga taong ito? (Oo.) Aktibo man nilang kinalap o pasibo man nilang narinig ang mga tsismis na ito, hindi naiisip ng mga taong ito na hanapin ang katotohanan at kilatisin ang mga ito, bagkus ay pinaniniwalaan nilang katunayan ang mga ito. Walang pakundangan at walang pagpipigil pa nga nilang ipinapakalat at ipinapalaganap ang mga ito sa mga tao, at hindi lang sa isang lugar o sa isang uri ng sitwasyon. Ang layon nila sa pagpapakalat ng mga tsismis na ito ay para malaman ng mas maraming tao ang mga ito, para lalong mapahina ang mahihina, at para ang malalakas at mga may pananalig sa Diyos ay pagdudahan

Siya at ang Kanyang gawain nang dahil sa mga tsismis—ito ay para gawing hindi interesado ang lahat sa katotohanan, sa mga salita ng Diyos, sa gawain ng Diyos, at sa kaligtasan, at sa halip ay gawing interesado ang mga ito sa kung ano-anong tsismis at negatibong propaganda, gaya lang ng mismong mga indibidwal na ito, para sa tuwing nagtitipon-tipon ang mga tao, pag-uusapan nila ang mga negatibong bagay na ito. Gagawin ba ng mga normal na tao at ng mga taong may pagkatao at katwiran ang mga gayong bagay? Kapag naririnig ng karamihan ng mga tao ang mga tsismis o kung ano-anong negatibong propaganda, kahit hindi nila alam kung totoo ba o hindi ang mga tsismis, dahil sa pananalig nila sa Diyos at sa kaunting may-takot-sa-Diyos na puso na mayroon sila, lalapit sila sa harap ng Diyos para magdasal at hanapin ang katotohanan. Kahit na naiimpluwensiyahan sila ng mga tsismis at medyo nanghihina at nagdududa sila, hindi ito makaaapekto sa paggampan ng tungkulin nila o sa pagsunod nila sa Diyos. Magbibigay-babala pa nga sila sa kanilang sarili na maging maingat sa sasabihin nila at umiwas sa paggawa ng mga bagay na lumalaban o sumasalungat sa Diyos. Ang ganitong pamamaraan ay isang bagay na kayang makamit ng karamihan ng kapatid. Hangga't ang mga tao ay may kaunting pagkatao, kaunting tunay na pananalig, at kaunting may-takot-sa-Diyos na puso, kaya nila itong makamit. Dahil naniniwala ang mga tao na umiiral ang Diyos, dapat silang maniwala na tama ang lahat ng ginagawa ng Diyos. Dahil ito ay ginawa ng Diyos, hindi dapat gumawa ng anumang pagsusuri ang mga tao tungkol dito. Dapat silang makatiyak na: "Anuman ang sinasabi ng mga tsismis mula sa labas ng iglesia, hindi ako puwedeng maniwala sa mga ito, at lalong hindi ko puwedeng ipakalat ang mga ito. Kahit na medyo nanghihina at nababagabag ako sa puso ko, hindi ko dapat ikaila ang pag-iral ng Diyos!" Kung naniniwala ang isang tao sa pag-iral ng Diyos, dapat siyang maniwala na tama ang lahat ng ginagawa ng Diyos; kung naniniwala siya sa pag-iral ng Diyos, dapat siyang magkaroon ng may-takot-sa-Diyos na puso—ganap na tama ito. Dahil mayroon siyang may-takot-sa-Diyos na puso, anumang mga tsismis ang marinig niya, mag-iingat siya sa mga sinasabi niya, hindi maging tagapagpakalat ng mga tsismis, hindi siya malilinlang ni Satanas, at hindi siya mahuhulog sa mga pakana ni Satanas. Hindi ba't isa itong bagay na madaling magawa ng karamihan ng mga tao? (Oo.) Nagtataglay ka ng normal na pag-iisip at katwiran, kaya kapag nakaririnig ka ng mga tsismis, ipapakalat mo man ang mga ito o hindi ay ganap nang nasa sa iyo. May iba bang kumokontrol sa iyo? (Wala.) Kaya, pagkarinig sa mga tsismis na ito, hindi ba't dapat na maging malinaw sa mga tao kung paano nila dapat na pangasiwaan ang mga ito, at paano nila dapat tratuhin ang mga ito at paano sila dapat na magsagawa para makaayon sila sa mga prinsipyo, at nang may pagkatao at katwiran? Ang lahat ay dapat na magkaroon ng ganitong kaunting paghusga at dapat nilang maunawaan ang pamamaraan at landas na ito ng pagsasagawa nang hindi na kinakailangan pang turuan sila ng iba. Kahit ang mga bata ay alam na hindi sila dapat magpakalat ng mga tsismis, at na ito ay walang respeto, imoral, at naghahasik ng alitan, at na hindi dapat maging ganitong uri ng tao; ito ang mga kaisipan at asal na dapat

taglayin ng mga taong may normal na katwiran. Gayumpaman, may isang uri ng tao na walang gayong katwiran, at higit pa rito, ay walang gayong pagkatao. Dahil dito ay gusto niyang magpakalat ng mga tsismis at negatibong propaganda sa mga malapit sa kanya sa lalong madaling panahon pagkarinig sa mga bagay na ito, para ang lahat ay magkakasamang magsuri, maghusga, at magpaganda sa mga ito, at pagkatapos ay ipakalat ang mga tsismis na ito sa mas maraming tao. Iniisip niya, “Hindi ba’t ang galing nito? Hindi ba’t ang sigla nito? Kung ang buhay iglesia ay puno ng ganitong nilalaman, magiging napakasagana nito! Magkakamit ang mga tao ng napakaraming kaalaman!” Anong klaseng mga kaisipan at pananaw ang mga ito? Hindi ba’t ang mga ito ang mga kaisipan at pananaw ng isang masamang tao? Anong klaseng lohika ito? Hindi ba’t isa siyang tao na desperadong magkaroon ng kaguluhan? Hindi ba’t hindi niya matiis na makitang maayos ang kalagayan ng iba? Sa puso niya, inuuyam pa niya ang mga kapatid: “Mga hangal kayo, nagkalat na ang mga tsismis kung saan-saan sa labas ng iglesia; naglipana na ang mga negatibong pagsusuri, pambabatikos, at paninirang-puri laban sa sambahayan ng diyos, lalo na laban kay cristo at sa gawain ng diyos. Sa mga simbahan ng relihiyosong mundo, nakapaskil ang kung ano-anong uri ng negatibong propaganda. Sa sandaling marinig ng mga tao roon ang ‘Kidlat ng Silanganan,’ nagbabato agad sila ng mga pagkondena at inilalayo nila ang sarili nila. Pinupuna at kinokondena kayo ng lahat ng tao, pero kayong mga hangal ay narito pa rin at nananampalataya sa diyos at naghahangad sa katotohanan!” Naaasiwa at nasusuklam siya kapag nakikita niya ang mga taong ito na sumusunod sa Diyos nang may gayong matibay na pananalig. Sa partikular, kapag nakikita niyang ang pakikipagbahaginan ng isang tao sa katotohanan ay nagpapakita ng tunay na pagkaunawa at ng isang pagbabago sa disposisyon, at na hinahangaan ito ng lahat, namumuhi siya sa taong iyon. Kapag nakikita niya ang isang taong pinanghahawakan ang mga prinsipyo, nakakukuha ng mga resulta, at nagpapakita ng katapatan sa paggampan ng tungkulin nito sa sambahayan ng Diyos, nagagalit siya at sinasabi niya, “Bakit hindi ka makinig sa mga tsismis o sa propaganda mula sa labas ng iglesia? Bakit ba napakahangal at sinsero mo? Tingnan mo kung gaano ako kamautak—kaalyado ko ang magkabilang panig. Lumalahok ako sa buhay iglesia ng sambahayan ng diyos at hindi ko sinasabing hindi ako nananampalataya sa diyos, at kung hindi ako pinapayagang gumawa ng isang tungkulin, hindi ako papayag, pero inuusisa ko rin ang mga balita mula sa labas ng iglesia. Patuloy akong nagbibigay ng atensiyon sa negatibong propaganda at mga komento mula sa relihiyosong mundo, sa mundong walang pananampalataya, at sa internet.” Palagi siyang may di-wastong pananaw. Hindi siya nasisiyahan sa loob-loob niya kapag nakikita niyang naghahangad sa katotohanan at gumagawa ng mga tungkulin ang mga kapatid. Palagi niyang gustong ilihis at ilayo ang isa o dalawa sa mga taong iyon, at palagi pa nga niyang gustong guluhin at impluwensiyahan ang ilan sa mga ito. Palagi rin niyang gustong “gisingin” ang ilang tao sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mga tsismis, para maniwala ang mga ito sa mga tsismis at malihis. Sabihin ninyo sa Akin, ano bang klaseng tao ito? Angkop bang

ituring ang mga gayong tao bilang bahagi ng sambahayan ng Diyos at bilang mga kapatid? (Hindi.) Kung gayon, ano ang pinakaangkop na paraan para ituring sila? Pinakaangkop na ituring sila bilang mga hindi mananampalataya, bilang mga alipin ni Satanas. Hindi ito walang batayang pagkondena o pag-agrabyado sa kanila; isa itong katunayan.

Ano ang kasuklam-suklam sa mga taong ito na nagpapakalat ng walang batayang mga tsismis? Saan man nila naririnig ang mga negatibong propaganda, kahit na alam na alam nila na mga tsismis ito at mga maladiyablong salitang walang anumang batayan sa katunayan, ipinapakalat pa rin nila ang mga ito sa iba nang may walang kapagurang kasigasigan. Ano ang kalikasan nito? Ang isang taong may-takot-sa-Diyos na puso ay makararamdam ng pagkasuklam kapag nakaririnig siya ng mga tsismis. Lalo na pagdating sa mga salitang bumabatikos at nang-iinsulto sa Diyos, hinding-hindi niya babanggitin ang mga ito para hindi madungisan ang bibig niya, na nagpapatunay na mayroon siyang may-takot-sa-Diyos na puso. Sinasabi niya, “Ang paghusga at paglapastangan ng iba sa Diyos, at pambabatikos at pangmamaliit nila sa iglesia, ay usapin nila. Hindi ako dapat makibahagi sa mga kasalanan nila. Ang paninirang-puri nila sa Diyos ay isa nang matinding paghihimagsik at isang mabigat na kasalanan—hindi ko kayang sabihin ang mga salitang ito gamit ang sarili kong bibig. Hindi ko dapat sabihin ang mga bagay na katulad ng mga sinasabi nila. Hinding-hindi ko ito gagawin!” Gayumpaman, kayang ulitin niyong mga alipin ni Satanas ang bawat salita ng negatibong propaganda at mga tsismis na naririnig nila, at ginagawa nila ito nang paulit-ulit at nang walang anumang pag-aalinlangan, ipinapakalat pa nga nila ang mga ito kung saan-saan. Ang mga taong ito ba ay nagtataglay ng may-takot-sa-Diyos na puso kahit kaunti? Natatakot ba sila sa Diyos? Hindi, hindi sila natatakot. Sa panlabas, naniniwala rin sila sa pag-iral ng Diyos, pero ang paniniwala ay hindi katumbas ng pagkilala na ang Diyos ang Lumikha na may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Naniniwala rin si Satanas na may Diyos sa mundo at sa sansinukob at sa lahat ng bagay, pero paano nito tinatrato ang Diyos kapag nakikipag-usap ang Diyos dito? Paano ito nakikipag-usap sa Diyos? Nagtataglay ba ito ng may-takot-sa-Diyos na puso? Itinuturing ba nitong Diyos ang Diyos? Hindi. Anong pamamaraan ang ginagamit nito para makipag-usap sa Diyos? Sinusubukan, nililinlang, at tinutuya nito ang Diyos, na para bang nakikipagbiruan. Nang tanungin ng Diyos, “Saan ka nanggaling?” paano sumagot si Satanas? (“Sa pagpaparoo’t parito sa lupa, at sa pagmamanhik manaog doon” (Job 1:7).) Mga salitang pantao ba ang mga ito? (Hindi.) Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito? Bakit nagsalita si Satanas sa ganitong paraan? Anong uri ng saloobin ang nagbubunga ng mga gayong salita? Hindi ba’t isa itong panunuya? (Oo.) Ano ang ibig sabihin ng panunuya? Ito ay pang-aasar sa isang tao, tama ba? “Hindi ko sasabihin sa iyo kung saan ako nanggaling. Ano ang magagawa mo tungkol dito?” Sinabi ang mga salitang ito sa iyo, pero hindi nilayon ng mga ito na ipaalam sa iyo kung ano talaga ang nangyayari—tumatanggi ang tagapagsalita na sabihin iyon sa iyo, at sa halip ay inaasar ka lang nito. Panunuya ito. Ang saloobin bang ito ay nagpapakita ng anumang tanda ng pagtrato sa Diyos bilang

Diyos? Mayroon bang anumang tanda ng pagrespeto o pagkatakot sa Diyos dito? Walang-wala—ito ang mukha ni Satanas. Iyong mga nagpapakalat ng mga tsismis ay kayang kaswal na ipakalat ang mga ito sa mga kapatid. Alam na alam nilang hindi totoo ang mga tsismis na ito, pero ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para ipakalat ang mga ito, naghahanap sila ng bawat pagkakataon at sitwasyon para gawin ito. Hindi ba't ito ang asal at pamamaraan ni Satanas? Ganito kumikilos si Satanas. Kinikilala nito ang pag-iral ng Diyos at alam nito na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, pero wala itong kahit kaunting takot sa Diyos. Ito ang mukha ni Satanas, ito ang kalikasang diwa ni Satanas. Maaaring sabihin ng ilang kapatid, "Bagama't hindi hinahangad ng taong ito ang katotohanan, sinsero naman ang kanyang pananampalataya sa Diyos. Nang marinig niyang ibubukod o paaalisin siya ng iglesia, labis siyang nabalisa na naiyak at nag-aalala siya nang labis; tinubuan pa nga siya ng mga singaw sa bibig! Ayaw niyang umalis sa sambahayan ng Diyos; naniniwala siya sa pag-iral ng Diyos. Kaya, anuman ang gawin niya, dapat natin siyang ituring bilang brother, at bigyan siya ng pagmamahal at pagpaparaya, at kahit kapag nagpapakalat siya ng mga tsismis, dapat pa rin natin siyang tratuhin nang may pagmamahal para tulungan at suportahan siya." Tama ba ang mga salitang ito? Katotohanan ba ang mga ito? (Hindi.) Nagsalita ang Diyos ng napakaraming salita, pero hindi pa rin naniniwala ang mga taong ito sa mga salitang iyon. Gayumpaman, gaano man karaming tsismis ang bigkasin ng mga diyablo at mga Satanas, pinaniniwalaan ng mga taong ito ang lahat ng iyon, at walang pakundangan pa nga nilang ipinapakalat ang mga tsismis na ito para batikusin at siraan ang Diyos. Batay lang dito, hindi sila karapat-dapat na tawaging mga kapatid. Tama ba ito? (Oo.) Dahil kaya nilang walang pakundangang magpakalat ng mga tsismis, siraan ang Diyos, batikusin ang Diyos, at siraan ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia, may sapat na dahilan tayo para ituring sila bilang mga alipin ni Satanas, bilang mga Satanas. Sila ay mga kaaway ng Diyos at mga kaaway ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kaya, paano natin dapat tratuhin ang mga kaaway natin? (Itakwil sila.) Tama iyan, dapat natin silang itakwil.

May ilang tao na hindi nagmamahal sa katotohanan. Pagkarinig nila ng mga tsismis, bagama't hindi nila hayagang ipinapakalat ang mga ito sa loob ng iglesia, palihim naman nila itong ipinapakalat sa mga taong malapit sa kanila. Ang ilang taong walang pagkilatis ay nagiging negatibo at mahina kapag naririnig ang mga tsismis na ito; ang ilan ay tumitigil sa pagdalo sa mga pagtitipon, at ang ilan ay lumalayo sa iglesia—pero hindi pa rin inaamin ng nagpakalat ng mga tsismis na ang kanyang pagpapakalat ng mga tsismis ang nagdulot nito. Sa kabila ng paulit-ulit na mga paalala at pakikipagbahaginan, patuloy nilang ginagawa ito kapag nahaharap sa mga gayong usapin, tumitigil lang sila sa hayagan at tahasang pagpapakalat ng mga tsismis sa panahon ng mga pagtitipon o sa publiko dahil sa takot na mailantad ang sarili nila, maitakwil ng mga kapatid, o mapaalis sa iglesia, sa halip, pinipili nilang palihim na ipakalat ang ilang tsismis sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga mensahe sa iba o sa pakikipag-ugnayan sa mga tao. Kung

gayon, hindi ba't masama ang mga gayong tao? Ang totoo, lalo pa nga silang mapaminsala. Kahit gaano sila kalihim na kumilos, ang mga motibo nila at ang kalikasan ng mga kilos nila ay kapareho ng sa mga alipin ni Satanas. Ang layon ng pagpapakalat nila ng mga tsismis ay guluhin ang paggampan ng tungkulin ng mga tao, gawing negatibo at mahina ang mga tao, para itatwa ng mga tao ang Diyos, lumayo ang mga ito sa Diyos at talikuran ng mga ito ang mga tungkulin ng mga ito. Mayroon bang nagsabi kailanman, "Ang layon ko sa pagpapakalat ng mga tsismis ay hindi para guluhin ang paggampan ng tungkulin ng mga tao o pahinain ang inisyatiba nila, kundi para tulungan silang magkaroon ng pagkilatis at palakasin ang kakayahan nilang hindi tablan ng mga tsismis, para kapag nakaririnig sila ng mga tsismis, hindi na sila tatablan ng mga ito, hindi sila maniniwala sa mga ito, mahahangad nila nang wasto ang katotohanan, at magagawa nila nang payapa ang mga tungkulin nila"? May sinuman bang nagpakalat ng mga tsismis nang may ganitong intensiyon? (Wala.) Makatwiran ba ang pahayag na ito? Ang totoo, hindi ito makatwiran. Hangga't kaya nilang magpakalat ng mga tsismis, lalo na iyong mga bumabatikos, naninira, at lumalapastangan sa Diyos—kaswal na sinasabi ang mga ito sa tuwing nagbubukas sila ng bibig at walang pakundangang ipinapakalat ang mga ito kung saan-saan—kahit ilang tsismis ang ipakalat nila, hayagan o palihim mang ipinapakalat ang mga tsismis, at anuman ang epekto sa mga tao, sa madaling salita, ang layon ng pagpapakalat nila ng mga tsismis ay hindi para tulungan ang mga tao na maunawaan ang katotohanan at magkaroon ng pagkilatis, kundi para guluhin at ilihis ang mga tao, at para pagdudahan at lumayo ang mga ito sa Diyos—ang ginagawa nila ay nakagugulo at nakasisira sa gawain ng iglesia. Batay sa perspektibang ito, anuman ang dahilan o konteksto ng pagpapakalat ng mga tsismis, ang diwa ng mga taong nagpapakalat ng mga tsismis ay walang dudang sa mga alipin ni Satanas. Sinumang nagsasabi ng mga tsismis na naninira, bumabatikos, at lumalapastangan sa Diyos ay lumalaban sa Diyos at kaaway ng Diyos. Tama ba ito? (Oo.) Bagama't hindi ikaw ang pinagmulan ng mga tsismis, ang katunayang nagagawa mong ipakalat ang mga ito ay nagpapatunay na pinaniniwalaan mong totoo ang mga ito o na sa loob-loob mo ay handang-handa kang maniwala sa mga ito. "Kung totoo lang sana ang mga tsismis, hindi ko na kailangang manampalataya sa diyos, hindi magiging diyos ang diyos, at ang katunayan ng pagkakatawang-tao ng diyos ay hindi iiral. Magiging tao lang siya, at magiging malaya akong gumawa ng mga tsismis tungkol sa kanya, maliitin siya, at batikusin at siraan siya." Hindi ba't iyon ang layon? Kung nananampalataya ka sa Diyos pero palagi mong gustong magsalita at kumilos nang wala sa katwiran, hindi ba't pagnanais ito na kontrahin ang Diyos? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao, "Paghihimagsik ba ito laban sa Diyos? Kawalan ba ito ng pananalig sa Diyos?" Lubhang mas mabigat ang kalikasan nito. Paglaban at pagkontra ito sa Diyos. Mga kaaway lang ng Diyos ang lumalaban at kumokontra sa Diyos sa ganitong paraan. Ang tiwaling sangkatauhan, dahil sa pagkakaroon nito ng tiwaling disposisyon ni Satanas at kawalan ng pagkaunawa sa katotohanan at kaalaman sa Diyos, ay kayang maghimagsik laban sa Diyos.

Gayumpaman, higit pa sa paghihimagsik ang ginagawa ni Satanas laban sa Diyos; ipinagkakanulo nito ang Diyos, nilalabanan ang Diyos, at kinokontra ang Diyos. Dahil dito ay nagiging kaaway ito ng Diyos. Ang ugnayan sa pagitan ng mga kaaway ng Diyos at ng Diyos ay isang ugnayan ng pagkontra. Ano ang ibig sabihin ng pagkontra? Ang ibig sabihin nito ay imposible ang pagiging magkasundo. Anuman ang sitwasyon o kapaligiran, ang pagkontra ni Satanas sa Diyos ay hindi nagbabago sa paglipas ng panahon o sa pagbabago ng lugar. Ang diwa ni Satanas ay ang kumontra sa Diyos, at hindi ito nagbabago; sadyang kaaway ng Diyos si Satanas. Ang paglaban ni Satanas sa Diyos at ang pagiging hindi nito kasundo ang Diyos ay hindi tumagal nang isang araw o nang ilang taon o dekada lang; nagsimula na itong kumontra sa Diyos simula nang ipagkanulo nito ang Diyos. Kaya, kailan matatapos ang pagkontrang ito? Kahit kailan ba ay maaantig at mababago ng Diyos si Satanas? Unti-unti bang hihina ang pagkontra nito sa Diyos sa paglipas ng panahon? Hindi. Patuloy itong kokontra sa Diyos. Kailan matatapos ang pagkontrang ito? Kapag natapos na ang gawain ng Diyos, at natapos na ang pagseserbisyo ni Satanas at wala na itong anumang pakinabang, at winasak na ito ng Diyos—saka matatapos ang pagkontra. At paano naman iyong mga alipin ni Satanas? Hangga't nasa iglesia sila, patuloy nilang kokontrahin ang iglesia, ang sambahayan ng Diyos, at ang Diyos. Sinasabi ng ilang tao, "Nananampalataya sila sa Diyos, nagbibigay sila minsan ng mga handog, nagbibigay-limos, at nagpapatuloy pa nga ng mga kapatid sa bahay. Paanong kinokontra nila ang Diyos? Hindi nila Siya kinokontra; gumagawa pa nga sila ng ilang mabuting gawa." Tama ba ang mga salitang ito? Mawawala ba ang pagkontra nila sa Diyos dahil nagpapatuloy sila ng mga kapatid sa bahay at nagbibigay ng kaunting pera sa mahihirap na kapatid? Mapatutunayan ba nito na kaayon sila ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, paano nangyari ang pagkontrang ito? (Tinutukoy ito ng kalikasang diwa nila.) Tama iyan, ang kalikasang diwa nila ay labanan at salungatin ang Diyos. Para sa mga gayong tao, kailangan ninyo silang makilatis batay sa mga salita ng Diyos: Tingnan kung sino ang mahilig mangalap ng negatibong propaganda o mga tsismis na bumabatikos at naninira sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia mula sa iba't ibang pamamaraan, at kung sino ang interesado sa mga negatibong bagay na ito at handang maniwala sa mga tsismis at maladiyablong salitang ito. Tutulutan kayo nito na makita ang tunay na mukha ng mga hindi mananampalatayang ito. Ang mga taong ito ay kadalasang hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos, walang gana sa pakikinig sa pakikipagbahaginan ng mga kapatid tungkol sa katotohanan, at walang gana sa paggawa ng mga tungkulin nila. Palagi nilang nararamdamang hindi interesante ang pananampalataya sa Diyos. Ano ang tinututukan nila kapag nanonood ng mga video at programa ng sambahayan ng Diyos? Kapag nakikita nila ang mga positibong komentong iniiwan ng mga relihiyosong tao, naaasiwa sila at nilalaktawan nila ang mga ito. Pero kapag nakikita nilang pumapanig ang mga relihiyosong tao at mga walang pananampalataya sa malaking pulang dragon, iniinsulto ang iglesia, iniinsulto ang sambahayan ng Diyos, at iniinsulto ang mga kapatid gamit ang mga maladiyablong salita

ng mga ito, labis silang natutuwa at nasasabik. Tuwing naririnig nila ang mga negatibong propaganda at tsismis na ito, nagiging sabik sila na para bang tinurukan sila ng adrenaline, naglalakad nang masigla at nagigising pa nga mula sa pagtulog nang may kasiyahan. Hindi ba't buktot ito? Pagmasdan mo ang mga nasa paligid mo para makita kung sino ang nabibilang sa ganitong uri ng tao; tingnan kung may disposisyon silang namumuhi sa katotohanan at namumuhi sa Diyos. Kung may mahanap ka ngang gayong tao, dapat labis kang mag-ingat sa kanya at kilatisin mo siya; obserbahan ang mga salita, kilos, at asal niya. Kapag nakumpirma mong isa nga siyang masamang tao, isang alipin ni Satanas, dapat mo siyang itakwil at huwag tratuhin bilang kapatid. Ang mga gayong tao ay dapat paalisin sa iglesia sa lalong madaling panahon. Sinasabi ng ilang tao, "Bakit dapat nating paalisin ang mga taong ito? Sa sambahayan ng Diyos, ang pagkakaroon ng isa pang tao ay nangangahulugan ng isa pang pinagmumulan ng lakas para sa paggawa ng gawain; nagiging mas masigla rin kapag may dagdag na isa pang tao. Maraming taon na silang nananampalataya sa Diyos, at bagama't hindi nila minamahal o isinasagawa ang katotohanan, naniniwala sila sa pag-iral ng Diyos mula pa noong pagkabata nila, naniniwala sila sa Matandang Lalaki sa Kalangitan. Naniniwala rin sila na may diyos sa tatlong talampakan sa itaas nila, at higit pa rito, naniniwala silang may ganti ang kabutihan at ang kasamaan. Karaniwan ay hindi sila nangangahas na gumawa ng lantad na masasamang gawa at handa silang tumulong sa iba. Sadyang may ganito silang munting libangan; mahilig silang magpakalat ng mga tsismis at sabi-sabi. Sa partikular, nagpapakalat sila ng mga tsismis mula sa malaking pulang dragon na naninira sa Diyos, inuulit ang mga bagay na ito nang hindi man lang pinag-iisipang masyado ang mga ito, marahil dahil sa kanilang kamangmangan at kawalan ng kaalaman." Sa panlabas, hindi sila mukhang masasamang tao at hindi nila ginambala o ginulo ang gawain ng iglesia, pero napakaaktibo nila sa pagpapakalat ng mga tsismis at palagi nilang gustong mauna sa pagpapakalat ng mga ito. Hindi ba't dapat maging mapagmatyag ang mga tao laban sa mga gayong indibidwal? Hindi ba't mga alipin sila ni Satanas? Halatang-halata ang diwa ng mga gayong tao! Hindi sila kailanman interesado sa mga salita ng Diyos o sa katotohanan, at hindi nila kailanman hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo kapag ginagawa ang tungkulin nila. Sa anumang bagay na ginagawa nila, hindi sila nagpapakita ng kasigasigan, hindi nila ginagamit ang puso nila, at hindi sila handang magtiis ng hirap. Kumikilos lang sila nang pabasta-basta at iniraraos lang nila ang mga bagay, palaging nakikipagbiruan. Sa pananalita at mga kilos nila, wala silang napapasama ng loob at kaya nilang makasundo ang lahat, mukha silang palakaibigan sa iba—sadyang mahilig lang silang mangalap at magpakalat ng mga tsismis. Mula sa mga kilos na ito, mailalarawan ba natin ang mga taong ito bilang mga alipin ni Satanas? (Oo.) Bakit natin masasabi ito? Hindi ba't masyado nitong pinalalaki ang mga bagay? (Hindi.) Wala silang anumang interes sa paghahangad sa katotohanan. Sa sandaling makinig sila sa isang sermon, inaantok sila; sa sandaling mapagbahaginan ang mga salita ng Diyos, nakararamdam sila ng pagkasuklam at hindi

sila mapakali, tayo sila nang tayo para uminom ng tubig o pumunta sa banyo, palaging hindi mapalagay ang loob nila—para silang pinapahirapan kapag nakikinig sila sa pagbabahaginan. Gayumpaman, sa sandaling marinig nila ang mga tsismis ni Satanas o ang mga maladiyablong salita ng mga walang pananampalataya, nagiging interesado sila, nagiging masigla sila, at nagsisimula silang buong sigasig na ipakalat ang mga tsismis at maladiyablong salitang ito. Mga kapatid ba ang mga gayong tao? Hindi. Tutol sila sa katotohanan at kinamumuhian nila ito sa kaibuturan nila. Tungkol sa mga usaping may kaugnayan sa Diyos at sa gawain Niya, maging ito man ay ang pagkakakilanlan at diwa ng Diyos, ang katayuan ng Diyos, ang dignidad ng Diyos, o ang laman kung saan nagkatawang-tao ang Diyos, hinahamak nila ang mga ito sa puso nila. Ganap na hindi sila nagtataglay ng may-takot-sa-Diyos na puso. Kaya naman, palagi silang nagkikimkim ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos at sa Kanyang gawain. Madali nilang nauulit ang kung ano-anong uri ng tsismis at mga maladiyablong salita ni Satanas, at sa ganitong paraan ay natutupad nila ang layon nilang ipakalat ang mga ito, nang walang anumang kirot ng pagkakonsensiya. Anong uri ng buhong ito? Mga mananampalataya ba sila sa Diyos? (Hindi.) Ang mga ito ang mga kilos ng mga kinikilala ang Diyos sa salita at nagsasabing sumusunod sila sa Diyos, na naniniwalang may Matandang Lalaki sa Kalangitan, na naniniwalang may diyos sa tatlong talampakan sa itaas nila, at naniniwalang may ganti ang kabutihan at ang kasamaan. Ito ang saloobin nila sa Diyos. Kung may nang-insulto sa mga magulang nila o nag-imbento ng mga tsismis tungkol sa mga magulang nila habang nakatalikod sila, walang dudang makikipaglaban sila hanggang sa kamatayan. Gayumpaman, kapag may nang-iinsulto, nambabatikos, o naninira sa Diyos, bukod sa hindi sumasama ang loob nila, nagagawa rin nilang ulitin ito bilang biro at ipakalat pa nga ito kung saan-saan. Isa ba itong bagay na dapat gawin ng isang tagasunod ng Diyos? (Hindi.) Kung gayon, tama bang iturin ng maraming tao ang mga hindi mananampalatayang ito bilang mga kapatid? (Hindi.) Samakatwid, kapag pinaghihinalaan ang mga gayong tao bilang mga alipin ni Satanas, dapat maging alerto ang iba. Dapat na agarang ipaalam ng mga lider at manggagawa sa mga kapatid na mag-ingat sa mga taong ito, para makilatis ng lahat ang mga ito. Kapag nakumpirma ang mga ito bilang mga alipin ni Satanas, mga diyablo, dapat sama-samang itakwil ng lahat ang mga ito at alisin mula sa iglesia. Naaayon ba ito sa mga prinsipyo? (Oo.) Kung gayon, ito ang dapat na gawin.

C. Paano Tratuhin ang Walang Batayang mga Tsismis ng Gobyerno ng CCP at ng Relihiyosong Mundong Naninira at Bumabatikos sa Diyos

Ang gobyerno ng Komunistang Tsina at ang relihiyosong mundo ay nag-imbento ng maraming walang batayang tsismis tungkol sa sambahayan ng Diyos, huwad na sinasabing namimilit ang mga kapatid na tanggapin ng mga tao ang ebanghelyo, at iba pa. Ano ang nararamdaman ninyo pagkarinig sa mga tsismis na ito? (Galit, masama ang loob.) Ang mga tsismis na ito ay tungkol sa inyo, at masama ang loob ninyo. Gaano

kasama ang loob ninyo? Gusto ba ninyong hanapin ang mga taong nag-iimbento ng mga tsismis at makipagtalo sa kanila, turuan sila ng leksiyon? (Oo.) Ang mga tsismis na ito ay paimbabaw na pumupuntirya sa iglesia, pero ang totoo, sangkot sa mga ito ang bawat miyembro ng iglesia at ang reputasyon at integridad ng bawat miyembro. Pagkarinig sa mga ito ay sumasama ang loob ninyo, sinasabi ninyo, “Hindi namin ginawa iyon! Ipinapangaral namin ang ebanghelyo ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Para sa mga tao na ayaw manampalataya sa Diyos, hindi namin sila pinipilit kahit kailan. Boluntaryo ang pananampalataya. Hindi namin kailanman pinupuwersa ang sinuman, lalong hindi namin pinipinsala o ginagantihan ang mga tao. Taliwas dito, kaming mga nangangaral ng ebanghelyo ay brutal na nabugbog ng mga relihiyosong tao at isinumbong nila kami sa mga pulis, ibinigay sa malaking pulang dragon para pahirapan; napakarami sa amin ang nakulong, at marami-rami ang nakulong pa nga sa mga pribadong bilangguang itinayo ng mga relihiyosong tao. Kami ang mga naaagrabyado!” Pagkarinig sa mga tsismis na ito, sumasama ang loob ninyo at palagi ninyong gustong makipagtalo sa kanila. May ganito kayong reaksiyon dahil ang mga tsismis na ito ay direktang bumabatikos at nangmamaliit sa iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ano ang nararamdaman ninyo kapag naririnig ninyo ang mga tsismis na nangmamaliit at humuhusga sa Diyos? Hindi sangkot sa mga ito ang mga personal ninyong interes o ang integridad at dignidad ninyo; mga tsismis ang mga ito tungkol sa Diyos. Halimbawa, noong nanampalataya ka kay Jesus noon, sinabi ng ilang tao na isinilang si Jesus ng isang birhen at wala Siyang ama. Ano ang naramdaman mo nang marinig mo iyon? Ginusto mo bang makipagtalo sa kanila? “Sa Diyos kami sumasampalataya!” Pagkatapos ay pag-isipan mo ito: “Si Maria ay isang birhen, at si Jesus ay ipinanganak ng isang birhen, ipinaglihi ng Banal na Espiritu. Isa itong katunayan, pero magaspang itong tinatalakay ng mga walang pananampalataya, at ayaw kong marinig iyon!” Sa pinakamatindi ay maaaring may mga gayon kang damdamin, pero sa puso mo, nararamdaman mo pa rin na ang paglilihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay mahigpit na taliwas sa mga kuru-kuro ng tao. Hindi mo mapaniwalaan ang usaping ito dahil naniniwala ka sa agham; hindi ka nananampalataya sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos mula sa puso mo, ni hindi ka naniniwala na katotohanan ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos, at pagkatapos ay hindi mo pabubulaanan ang mga maladiyablong salita ng mga hindi mananampalataya. Dahil hindi mo taglay ang katotohanan at hindi mo nauunawaan ang katotohanan, sa pinakamainam, para sa iyo ay hindi kaaya-ayang pakinggan ang mga tsismis na pinag-uusapan ng mga tao, at iniisip mo na hindi dapat magsalita ang mga tao sa ganoong paraan dahil sangkot sa mga tsismis na ito ang reputasyon mo; iniisip mo, “Labis na kasuklam-suklam at ubod ng sama ang mga walang pananampalataya! Ang kapal ng mukha nilang gumamit ng anumang maruming salita; tunay na sila ay mga hindi mananampalataya! Tunay na mga diyablo sila!” Iyon lang, at iyon na ang pinakamainam na kaya mong makamit. Bakit ka nagagalit at bakit para sa iyo ay ubod ng sama at kasuklam-suklam ang mga walang pananampalataya pagkatapos mong

marinig na sabihin nila ang mga gayong tsismis? Dahil sangkot sa mga ito ang reputasyon mo; nagagalit ang puso mo sa mga tsismis na ito, kaya napapahiya ka, kaya napupukaw ng mga ito ang galit mo, at tumitindig ka para magsabi ng ilang positibong salita para pabulaanan ang mga ito. Ganap bang pagpanig sa Diyos ang gayong pagpapabulaan? Ito ba ay para ipagtanggol ang patotoo ng Diyos? Hindi, ito ay ganap na para ipagtanggol ang sarili mong reputasyon at dignidad. Bakit sinasabi ito? Dahil hindi mo nakikilatis ang diwa ng problema; higit pa rito, hindi mo nauunawaan ang mga layunin ng Diyos o kung ano ang hinihingi ng Diyos sa iyo. Ang nauunawaan at nararamdaman mo ay hindi naaayon sa mga layunin ng Diyos; ito ay pagkamainitin lang ng ulo ng tao at mabuting pag-uugali ng tao. Ang mabuting pag-uugali ng tao ay hindi kumakatawan sa pagpapatotoo mo sa Diyos. Hindi ka naninindigan sa patotoo mo; ipinagtatanggol mo lang ang reputasyon at dignidad mo, pinabubulaanan mo ang mga tsismis para palubagin nang kaunti ang konsensiya mo—hindi ka pumapanig sa Diyos para magsalita para sa Kanya, ni hindi mo ginagamit ang katotohanan o mga katunayan para pabulaanan ang mga tsismis at magpatotoo sa Diyos. Hindi ka nagsasalita para sa Diyos, at ang sinasabi mo ay tiyak na hindi naaayon sa katotohanan; naaayon lang ito sa mga interes ng laman mo—ito ay para lang hindi masyadong malungkot ang puso mo, at para hindi mo maramdamang nakakahiya ang manampalataya sa Panginoong Jesus. Iyon lang. Samakatwid, kapag naririnig ninyong binabatikos at kinokondena ng isang tao ang Diyos, minamasama at hinuhusgahan ang iglesia ng Diyos, o kinokondena pa nga kayo, labis na sumasama ang loob ninyo at gusto ninyong makipagtalo at makipagdebate sa taong ito, para maibalik ang reputasyon ninyo at linawin ang mga usaping ito. Pero nangangahulugan ba ito na nanindigan kayo sa patotoo ninyo? Malayo pa ito roon; kung walang pagkaunawa sa katotohanan, walang patotoo!

Kapag nakaririnig kayo ng mga tsismis na kumakalat sa mundo sa labas na naninira at bumabatikos sa Diyos, binabatikos man ng mga ito ang Diyos sa langit o ang Diyos na nagkatawang-tao sa lupa, ano ang nararamdaman ninyo? Wala ba kayong pakialam, o nakararamdam ba kayo ng kaunting kirot? Hindi ba ninyo ito matanggap at hindi ba kayo sang-ayon dito, o pakiramdam ba ninyo ay wala kayong magawa? Ang ilang tao, matapos marinig ang mga tsismis na ito, ay nag-iisip na, “Inosente ang Diyos; hindi ginawa ng Diyos ang mga bagay na ito. Bakit Siya binabatikos at sinisiraan ng mundo at ng relihiyosong mundo nang ganito? Dapat masipag nating gugulin ang sarili natin at gawin ang mga tungkulin natin, at ipagtanggol ang pangalan ng Diyos. Kapag naisakatuparan na ang dakilang gawain ng Diyos, mabubunyag ang katotohanan ng lahat ng bagay, at makikita ng lahat ng tao sa mundo na ang Diyos na nagkatawang-tao na sinasampalatayanan natin ay ang nag-iisang tunay na Diyos, ang Diyos sa langit, at na hinding-hindi ito mali!” Iniisip naman ng iba, “Napakaraming katotohanan ang ipinahayag ng Diyos, at alam na alam ng mga di-nananampalatayang masamang tao at diyablong ito na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, pero sinisiraan at binabatikos pa rin nila ang Diyos. Gaano katagal ba kailangang magdusa ng Diyos?”

Sinasabi pa rin ng iba, “Puwedeng sabihin ng mga tao ang anumang gusto nila; hindi natin sila pinapansin. Hindi kailanman pinabulaanan ng Diyos ang mga tsismis na naninira sa Kanya; hindi Siya tumutugon sa mga ito. Kung gayon, ano ang magagawa natin bilang maliliit na tao? Hindi ba’t palagi namang hindi nauunawaan, binabatikos, nilalapastangan, at itinatakwil ng sangkatauhan ang Diyos nang gaya nito? Walang anumang reklamo ang Diyos, at inililigtas pa rin Niya ang mga tao. Hayaang ang panahon ang magbunyag ng lahat ng bagay; ang Diyos Mismo ang magpapatotoo sa Kanyang sarili!” Ano ang pananaw ninyo? Kanina lang ay binanggit Ko ang hindi pagsuko, pagiging masama ang loob, hindi pagpayag dito, at kawalan ng magagawa—alin dito ang nararamdaman ninyo? Aling damdamin ang pinakatama? Paano dapat tratuhin ang mga usaping ito nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Ano ang nararamdaman ninyo kapag naririnig ninyo ang mga tsismis na ito? (Masama ang loob.) Masama ang loob ninyo, at pagkatapos ay gusto ninyong magsulat ng isang pagkondena para tuligsain itong mga gumagawa ng tsismis, itong mga huwad na relihiyosong tao at masasamang tao ng relihiyon. May gayon ba kayong mga iniisip? Hindi sapat para sa inyo na ikuyom lang ang kamao ninyo sa galit, tama ba? Nakararamdam ba kayo ng udyok na may gawin tungkol dito? O ito ba ay isang walang kabuluhang sama ng loob lang? (Mayroon ding pagkamuhi at pagtatakwil.) Sama ng loob, pagkamuhi, pagtatakwil—ito ay mga emosyong nagmumula sa mga pag-iisip, nang walang partikular na mga salita, ugali, o kilos; mga emosyon lang ang mga ito, at siyempre ay kumakatawan din ang mga ito sa mga partikular na saloobin. (Maliban sa pagkakaroon ng sama ng loob, minsan ay nagsusulat kami ng mga artikulo o gumagawa ng mga programa para linawin ang mga katunayan at ilantad na ang diwa ng mga kilos nila ay diwa ng pagkamuhi sa katotohanan at sa Diyos, para makita ng mga tao ang mga totoong katunayan.) Tatanggapin kaya ito ng mga taong iyon matapos nilang makita ang mga totoong katunayan? Kahit na tanggapin nila na tama ang sinasabi ninyo at pagkatapos ay magbigay sila ng patas na komento, sinasabing, “Tama ang pananampalataya ninyo; magpatuloy kayo sa pananampalataya, sinusuportahan namin kayo!” at napapahiya ang mga huwad na relihiyosong tao at sinasabi nila, “Pasensya na, nagkamali kami, hindi batay sa katunayan ang sinabi namin; mula ngayon, manampalataya kayo sa paraan ninyo, at mananampalataya naman kami sa paraan namin,” mapapanatag ba kayo dahil doon? Ito ba ang tanging layon na inaasam ninyo? (Gusto rin naming magpatotoo sa Diyos para iyong mga nagsisiyasat sa tunay na daan at uhaw sa katotohanan ay malinaw na makilatis ang tama sa mali at matanggap ang tunay na daan.) Ito ay isang landas; isa itong positibong paraan ng pagsasagawa. Kapaki-pakinabang ba ang magalit at mamuhi lang? Ano ang dahilan ng inyong galit at pagkamuhi? Bakit kayo nagagalit at namumuhi? (Nagkatawang-tao ang Diyos para iligtas ang mga tao, na siyang pinakamakatarungang bagay, pero nagpapakalat sila ng mga tsismis para husgahan at maliitin ang Diyos. Labis na sumasama ang loob namin, iniisip namin na talagang binabaligtad nila ang tama at mali at na walang katuturan ang

sinasabi nila.) Iniisip ba ninyo na ang pagtatakwil ng sangkatauhan at ng mundo sa Diyos, pati na rin ang saloobin nila sa Diyos, ay ganito lang sa panahong ito ng pagkakatawang-tao ng Diyos? Ang saloobin ng sangkatauhan at ng mundo sa Diyos ay palaging ganito mula pa noong simula hanggang sa huli—palaging nagkokondena, naninira, nambabatikos, at naglalapastangan. Simula nang umpisahan ng Diyos ang Kanyang gawain hanggang sa ngayon, ang saloobin ng sangkatauhan sa lahat ng ginawa ng Diyos, at sa Diyos na nagkatawang-tao, ay hindi nagbago. Hindi lang pagkatapos noong unang pagkakatawang-tao ng Diyos na sinimulang batikusin at lapastanganin ang Diyos at mag-imbento ng kung ano-anong tsismis tungkol sa Diyos na nagkatawang-tao—nangyayari na ang lahat ng ito mula pa nang simulan ng Diyos ang Kanyang gawain at simula nang unang makatagpo ng sangkatauhan ang Diyos at ang gawain Niya, at nagpapatuloy ito hanggang ngayon. At iyong mga sumusunod sa Diyos ay palaging kailangang magtiis ng pangmamaliit, pambabatikos, panghuhusga, paglapastangan, kung ano-anong tsismis, at marami pa mula sa mga rehimen ni Satanas at sa mga puwersa ng anticristo sa relihiyon laban sa Diyos at sa iglesia. Kailangan bang tiisin ng mga tagasunod ng Diyos ang mga bagay na ito? Sinasabi ng ilan, “Nasusuklam kami nang husto sa mga tsismis na ito dahil ganap na binabaluktot ng mga ito ang mga katunayan at binabaligtad ang tama at mali. Nagagalit kami sa sandaling marinig namin ang mga ito, at sa kaibuturan ng puso namin ay kinamumuhian namin ang mga gumagawa at nagpapakalat ng mga tsismis. Nanggaling man sa relihiyosong mundo o sa maladiyablong gobyerno ng CCP ang mga tsismis na ito, iisa lang ang saloobin namin, at ito ay saloobin ng pagkamuhi at galit; at pagkatapos ay gusto namin silang pabulaanan at linawin ang lahat.” Sinasabi pa ng ilan, “Gusto naming makipagdebate sa masasamang diyablo at mga anticristo para hiyain si Satanas at ilagay ito sa kahihiyan!” Ito ba ang pananaw ng karamihan ng mga tao? Tama ba ang pananaw na ito? Kung titingnan mula sa perspektiba ng normal na pagkatao, makatwiran ito. Dapat maging medyo matuwid ang mga tao at magkaroon ng kompletong saklaw ng mga normal na emosyon; dapat malinaw silang magmahal at mamuhi, mahalin ang dapat mahalin at kamuhian ang dapat kamuhian. Ang mga taong may normal na pagkatao ay dapat magtaglay ng mga katangiang ito. Pero, sapat na ba ang pagtindig lamang sa perspektiba ng normal na pagkatao para umayon sa mga katotohanang prinsipyo? Para maging mas malinaw, naaayon ba sa mga layunin ng Diyos ang pamamaraang ito? O isa ba itong saloobin at pamamaraan na kinalulugdan ng Diyos? Kapag sinabi Ko ito, maaaring may maarok ang karamihan ng mga tao, iniisip nila, “Sinabi Mo na pagtingin lang ito sa bagay-bagay mula sa perspektiba ng normal na pagkatao. Batay sa mga implikasyong sinabi Mo, malinaw na ang pamamaraang ito ay isang pagkamainitin ng ulo, hindi naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, at hindi naaayon sa mga layunin ng Diyos.” Ano ang ibig sabihin ng pagiging hindi naaayon sa mga layunin ng Diyos? Ibig sabihin nito ay hindi nais ng Diyos na kumilos ang mga tao sa ganitong paraan; hindi ganito ang mga kahilingan at mga hinihinging pamantayan ng Diyos sa mga tao. Kung

kikilos ka sa ganitong paraan, bagama't hindi ito kinokondena ng Diyos, sa perspektiba Niya, hindi ito nangangahulugang sinusunod mo ang kalooban Niya, at hindi Niya ito kinikilala. Sa panlabas, tila makatwiran kang kumikilos sa paggawa ng mga bagay na ito, kapwa mayroong pagkamuhi at pagmamahal, gustong linawin ang mga katunayang ito para sa Diyos para malaman ng buong mundo na ang Diyos ay Diyos, na ang Diyos ay ang Diyos ng buong sangkatauhan, at na dapat sambahin ng lahat ang Diyos at tanggapin ng lahat ang pagliligtas ng Diyos. Sa panlabas, tila ang ginagawa mo ay walang kapintasan, makatwiran, naaayon sa batas, sa pagkatao, sa moralidad, at higit pa rito, naaayon sa panlasa ng lahat ng tao. Pero natanong mo na ba ang Diyos tungkol dito? Hinanap mo ba ang Diyos? Natagpuan mo ba ang mga prinsipyo ng pagkilos na hinihingi ng Diyos mula sa Kanyang mga salita? Ano ba mismo ang mga layunin ng Diyos? Sinasabi ng ilang tao, "Napakarami ng mga salita ng Diyos; hindi madaling mahanap ang mga partikular na hinihingi ng Diyos sa mga tao sa bawat usapin." Dahil hindi mo natagpuan ang malilinaw na salita ng Diyos, maaari kang maghanap ng mga pahiwatig mula sa saloobin ng Diyos sa mga ganitong uri ng tsismis. Kung gayon, hindi mo ba matukoy kung ano ang dapat na saloobin ng mga tao sa usaping ito at kung ano ang mga prinsipyong dapat nilang isagawa batay sa saloobin ng Diyos sa usaping ito? (Oo.) Kaya, tingnan natin kung ano ba mismo ang saloobin ng Diyos sa usaping ito.

Simula nang umpisang maranasan ng sangkatauhan ang gawain ng Diyos, nagrereklamo at hindi na nasisiyahan ang mga tao sa Diyos, lihim pa nga silang bumibigkas ng mga kasuklam-suklam na salita ng paghihinala, pagdududa, at pagtatakwil, at iba pa, patungkol sa Diyos. Nariyan din ang iba't ibang tsismis mula sa naghaharing partido at sa relihiyosong mundo, na lubos na hindi alinsunod sa mga katunayan ni umaayon sa katotohanan. Ano ang mga salitang ito sa Diyos? Ang mga ito man ay mga paghihinala, mga maling pagkaunawa, o mga reklamo, puno ang mga ito ng mga pambabatikos, paninira, at paglapastangan laban sa Diyos, at hindi sinasalamin ng mga ito ang kahit katiting na may-takot-sa-Diyos na puso; ganito na ang sitwasyon mula pa noong umpisa. Palaging may ilan sa iglesia na hindi nagmamahal sa katotohanan. Sila ay ang mga hindi mananampalataya, na nagdududa sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, nagpapakita ng gayong saloobin sa Diyos. Lalo na para sa mga taong walang pananampalataya at mga ateistang naghaharing partido, iyong mga taong tutol sa katotohanan—hindi na kailangang ipaliwanag ang saloobin nila sa Diyos; walang pakundangan silang nambabatikos at nanghuhusga, sinasabi ang anumang gusto nila. Sa partikular, mas lalong sinasamantala niyong mga Pariseo sa relihiyosong mundo ang pagkakataon na walang habas na manghusga at magkondena. Lahat ng komentong ito ay hindi positibo, at tiyak na hindi obhetibo at hindi tumpak ang mga ito. Kung gayon, ano ang diwa ng mga komentong ito? Para sa Diyos, ang mga salitang ito ay hindi lang mga pahayag o pananaw, bagkus ay pangmamaliit, mga pambabatikos, paninira, at paglapastangan laban sa Diyos. Bakit Ko sinasabing "sa Diyos"? Dahil pinakatumpak na sinusukat ng Diyos ang lahat ng ito, maaari lang tayong magdagdag ng unlapi. Sa

buong kasaysayan, ganito na ang naging saloobin ng sangkatauhan sa Diyos; masyado nang marami ang mga salita ng tao na bumabatikos at nang-iinsulto sa Diyos, wala ni isang salita ang may mabuting layunin. Kahit ngayon, pareho ang naririnig ng mga tainga ninyo at ang nakikita ng mga mata ninyo. Mula sa simula, hindi nagbago ang kabuuan ng saloobin ng sangkatauhan sa Diyos. Paano pinapangasiwaan ng Diyos ang mga usaping ito? May mga kondisyon o kapabilidad ba ang Diyos para tipunin ang pandaigdigang kongreso ng relihiyon para ipagtanggol ang sarili Niya, para linawin ang mga aktuwal na katunayan ng gawain Niya, para pangatwiranan ang sarili Niya sa sangkatauhan? Ginawa ba ito ng Diyos? Hindi, nananatiling tahimik ang Diyos, hindi Niya nililinaw ang buong sitwasyon, ni hindi Niya ipinagtatanggol o pinapangatwiranan ang sarili Niya. Gayumpaman, para sa mga tao na bumabatikos sa Diyos sa partikular na ubod ng samang paraan, nagpataw ang Diyos ng ilang kaparusahan, hinahayaan ang mga katunayan na sumapit sa kanila. Tungkol naman sa mga pambabatikos, paninira, at paglapastangan ng publiko, ano ang saloobin ng Diyos? Paano ito pinapangasiwaan ng Diyos? Hindi Niya ito pinapansin; ginagawa Niya ang dapat gawin, ginagawa Niya ito sa paraang dapat itong gawin, pinipili ang dapat Niyang piliin, ginagabayan ang dapat Niyang gabayan. Ang buong mundo ay maayos sa mga kamay ng Diyos; hindi Niya kailanman ginambala o binago ang mga plano Niya dahil sa mga pambabatikos, paninira, o paglapastangan ng tao. Kapag sinusupil at inaaresto ng masasamang puwersa ni Satanas ang hinirang na mga tao ng Diyos, gaano man sila kawalang-habas, hindi kailanman binago ng Diyos ang mga plano Niya o ang isip Niya. Ang mga iniisip at ideya Niya ay ganap na nananatiling hindi nagbabago; gaya ng dati, patuloy lang Niyang isinasagawa ang gawaing layon Niyang gawin, pinamamahalaan ang Kanyang sangkatauhan. Para sa Diyos, hindi kailanman naging hadlang ang mga pambabatikos, paninira, at paglapastangang ito; hindi pinapansin ng Diyos ang mga ito. Bakit hindi pinapangatwiranan o ipinagtatanggol ng Diyos ang Kanyang sarili? Para sa Diyos, ganap na normal ang mga bagay na ito. Ang sangkatauhan ay sangkatauhan, at si Satanas ay si Satanas. Napakanormal para sa mga tao, na hindi nakauunawa sa katotohanan o sa mga totoong katunayan, na gawin ang mga gayong bagay. Nakaaapekto ba ito sa mga hakbang ng gawain ng Diyos? Hindi. Nagtataglay ang Diyos ng dakilang kapangyarihan; Siya ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Sistematikong tumatakbo ang lahat ng bagay sa loob ng mga salita ng Diyos, sa loob ng mga kaisipan ng Diyos, at sa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos; anuman ang sinasabi o ginagawa ng sangkatauhan, hindi nito maaapektuhan ang gawain ng Diyos sa anumang paraan—ito ang kayang gawin ng isang Diyos na may banal na diwa. Kumikilos ang Diyos kapag dumating na ang oras, tinutupad ang mga plano Niya nang wala ni katiting na pagkakaiba, at walang makapagbabago sa anuman sa mga ito. Ang mga komento at anumang pambabatikos o paninira ng tao sa Diyos, ang mga ito man ay mga sadyang pagtatangka para hadlangan at wasakin ang gawain ng Diyos o mga di-sadyang panggugulo at pangwawasak sa gawain ng Diyos, ay hindi

kailanman nakamit ang mga layon nila. Bakit? Ito ang awtoridad ng Diyos; kinukumpirma nito na natatangi ang awtoridad ng Diyos, hindi mapapalitan ng anumang puwersa, at hindi malalampasan ng anumang puwersa. Isa itong katunayan. May ganitong awtoridad at kapangyarihan ang Diyos, mayroong Kanyang tunay na pagkakakilanlan ang Diyos, at walang puwersa ang makapagbabago ng anumang bagay, kaya bakit pa papansinin ng Diyos ang maliliit na pambabatikos at paninira ng mga tao? Para sa Diyos, kahit gaano karaming mahalagang personalidad o gaano man kamakapangyarihang mga puwersa ng sangkatauhan ang sumubok na makialam, manira, mambatikos, o maglapastangan sa Kanya, hindi nito kayang guluhin ang gawain ng Diyos kahit kaunti. Sa halip, lalo lang itinatampok ng mga kilos na ito ang matuwid na disposisyon at pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Ang mga panggugulo ng masasamang puwersa ni Satanas ay isang maliit na bahagi lang sa takbo ng kasaysayan ng tao. Ang kayang magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan sa buong sangkatauhan, makaimpluwensiya sa buong sangkatauhan, at makapagbago sa buong sangkatauhan ay ang gawain ng Diyos, plano ng Diyos, at dakilang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Ito ang katunayan. Sa kabaligtaran, kailangan pa bang pansinin ng Diyos ang pangmamaliit, mga pambabatikos, paninira, at paglapastangan ng mga tao laban sa Kanya? Hindi. Dahil ang Diyos ay may awtoridad, para sa Diyos, ang Kanyang pahayag, “Ginagawa Ko ang Aking sinasabi, mangyayari ang Aking sinasabi, at magtatagal magpakailanman ang Aking ginagawa,” ay palaging magkakatotoo; nagkakatotoo ito at natutupad araw-araw. Ito ang awtoridad ng Diyos. Tinatanong ng ilang tao, “Ito ba ang kumpiyansa ng Diyos, ang Kanyang pananalig?” Nagkakamali ka! Ang mga tao ay may kumpiyansa, kailangan ng mga tao ng pananalig, pero hindi kailangan ng Diyos ang mga ito. Bakit? Dahil may awtoridad at kapangyarihan ang Diyos, at paano man Siya siraan at kondenahin ng sangkatauhan, paano man manggulo at manabotahe ang mga mapanlabang puwersa ni Satanas, walang magbabago. Samakatwid, hindi kailangang itiwalag ng Diyos ang mga mapanlabang puwersa sa gitna ng tiwaling sangkatauhang nambabatikos, naninira, at naglalapastangan sa Kanya bago Niya isakatuparan ang Kanyang gawain. Sa anong mga sitwasyon gumagawa ang Diyos? Sa anong mga sitwasyon Siya nagkakamit ng tagumpay? Sa anong mga sitwasyon Niya naisasakatuparan ang Kanyang gawain? Ginagawa ito sa gitna ng halo-halong ingay ng mga pambabatikos, paninira, at paglapastangan ng buong sangkatauhan at lahat ng mapanlabang puwersa; sa gayong kapaligiran at sitwasyon Niya isinasakatuparan ang gawain Niya. Hindi ba’t pagpapakita ito ng dakilang kapangyarihan ng Diyos? Hindi ba’t awtoridad ito ng Diyos? (Oo.) Sino ang makapagkakaila sa katunayang ito? Nangangahas ka bang hindi kilalaning ito ang katunayan?

Sa buong kasaysayan, patuloy na sinisiraan at nilalapastangan ng sangkatauhan ang Diyos, at sa mga huling araw, lalo pang lumakas ang mga puwersa sa buong sangkatauhan na lumalaban sa Diyos, nang may mas maraming tinig na naninira at kumokondena sa Diyos. Gumagamit ang sangkatauhan ng iba’t ibang pamamaraan, sa

pamamagitan ng mga pahayagan, telebisyon, internet, at ibang midya, para siraan at batikusin ang Diyos. Pero kahit kailan ba ay nahimay na natin ang mga tsismis na ito sa lahat ng pagtitipon natin? (Hindi.) Bakit hindi? Sinasabi ng ilang tao, “Ito ba ay dahil ang inosente ay nananatiling inosente, at ang mga tsismis ay namamatay kapag nakakaabot ang mga ito sa marurunong?” Iyon ba ang dahilan? (Ang mga tsismis na ito ay talagang hindi nakaaapekto sa gawain ng Diyos. Paano man nanggugulo si Satanas, hindi nito masasabotahe o mahahadlangan ang pag-usad ng gawain at plano ng Diyos.) Gayon mismong bagay si Satanas; hangga’t kumikilos ang Diyos, hangga’t gumagawa ang Diyos, dumarating ito para manggulo. Ito mismo ang papel na ginagampanan nito. Ayos lang ba na pigilan mo itong gumanap? Kailangan mo itong bigyan ng sapat na puwang, sapat na entablado, sapat na oportunidad para makaganap. Kapag sapat na ang naging paggampan nito, kapag napagod na ito sa panggugulo nito, at nakagawa na ng sapat na kasamaan, tapos na ang mga araw nito. Hindi natin kailangang mag-aksaya ng mahalagang oras sa paghihimay at pagsusuri ng iba’t ibang tsismis at masasamang gawa nito para pabulaanan ang mga tsismis na ito; walang silbi at walang halaga ang paggawa niyon. Ano ang silbi ng paghihimay ng mga iyon? Marerepresenta ba nito ang pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan? Napakaraming katotohanan ang dapat na maunawaan ng mga tao; ni hindi nila kayang makinig sa lahat ng katotohanang ito, lalong hindi nila kayang pabulaanan ang mga tsismis na ito. May gayong libreng oras ba ang mga tao? Sa totoo lang, hindi talaga Ako interesado sa mga usaping iyon, ni hindi Ako handang banggitin ang mga iyon o bigyang-pansin ang mga iyon. Sinasabi ng ilang tao, “Sa mga taon na ito, hindi Ka ba nangangahas na pumunta kahit saan? Dahil ba napakaraming tsismis na naglipana kaya palagi Kang balisa at takot saan Ka man magpunta?” Sinasabi Ko na wala Akong anumang nararamdaman. Sinasabi ng ilang tao, “Ayaw Mo bang ipagtanggol ang sarili Mo laban sa mga bagay na hindi Mo naman ginawa?” Ano pa ba ang kailangang ipagtanggol? Ni hindi Ko na nga matugunan ang mga marapat Kong gawain! Nakikipag-usap Ako sa mga tao, sa mga nilikha, hindi sa mga diyablo. Tinatanong ng ilang tao, “Hindi Ka ba nagagalit kapag naririnig Mo ang mga tsismis na ito?” Sinasabi Ko na wala Akong nararamdaman tungkol sa mga ito, walang ipinapadama sa Akin ang mga ito; hindi Ko binibigyang-pansin ang mga usaping ito. Tinatanong ng ilang tao, “Hindi Mo ba nararamdamang naaagrabyado Ka?” Sinasabi Ko na hindi Ko nararamdamang naaagrabyado Ako, bakit Ko naman mararamdaman na naaagrabyado Ako? Gawin ang kaya Ko, gawin ang nararapat Kong gawin, gawin nang maayos ang kaya at dapat Kong gawin, tuparin ang mga responsabilidad Ko—iyon ang pinakamainam na bagay, makabuluhan iyon. Hindi maaagaw ang atensiyon Ko o hindi Ako gugugol ng oras sa mga bagay na iyon na walang kabuluhan, walang halaga. Wala Akong oras para bigyang-pansin ang mga usaping iyon. Sinasabi ng ilang tao, “Paano naman kapag may libreng oras Ka, bibigyang-pansin Mo ba ang mga ito kung magkagayon?” Hindi, kahit na may libreng oras Ako. Mas gugustuhin Ko pang kausapin ang aso Ko kaysa makipag-usap sa mga diyablo. Kung malinaw sa iyo na isang diyablo

ang naglilitanya nitong mga maladiyablong salita, bakit mo pa ito bibigyang-pansin? Hindi ka na talaga dapat magbigay-pansin; ang hayaan ang diyablo na lubusang mapahiya ay ang tamang bagay na dapat gawin. Sa madaling salita, ang saloobin ng Diyos sa mga tsismis na ito ay ang sumusunod: Sa paggawa ng anuman o pagsabi ng bawat pangungusap, hindi pinapangatwiranan ng Diyos ang sarili Niya, hindi Niya pinapatunayan ang sarili Niya sa sangkatauhan, at tiyak na hindi Niya pinapangatwiranan ang sarili Niya kay Satanas, sa kaaway Niya, sinasabing Siya ay dalisay at inosente, at walang kasalanan. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay para sa Kanyang pamamahala, para iligtas ang mga taong layon Niyang iligtas. Sinusunod Niya nang hakbang-hakbang ang Kanyang plano ng pamamahala; hindi Niya ito ginagawa para ipakita ang anumang bagay sa sinuman, ni para kumpirmahin ang pagkakakilanlan Niya. Sa pagsasalita gamit ang mga salita ng tao, ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay ginagawa nang likas nang walang anumang kawalan ng sinseridad o pagiging pasibo. Ang likas na pagsasakatuparan ng Diyos sa lahat ng gampaning ito ay nagkukumpirma sa Kanyang pagkakakilanlan at sa Kanyang diwa. Hindi kayang baguhin ng sangkatauhan ang plano ng Diyos, ni hindi nila kayang lagpasan ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos; isa itong katunayan. Samakatwid, binabalewala ng Diyos ang mga tsismis at maladiyablong salita na bumabatikos at naninira sa Kanya mula sa anumang panig sa loob ng sangkatauhan. Sabihin mo sa Akin, hindi ba't magiging masyadong madali para sa Diyos na magbigkas ng isang kabanata ng mga salita o magsulat ng pagkondena para tuligsain ang mga pambabatikos at pagtutol laban sa Diyos ng mga ateistang naghaharing partido sa mundo at ng relihiyosong mundo? Pero hindi kikilos ang Diyos nang ganito kay Satanas. Kumikilos ang Diyos ayon sa mga prinsipyo; pagdating sa pagwasak ng Diyos sa masasamang puwersa ni Satanas, may sarili Siyang tiyempo. Para sa Diyos, masyadong madali ang pagkilos. Maaaring gumampan ng mga kamangha-manghang gawa ang Diyos sa mga kalangitan, at bigla na lang magbubukas ang kalangitan na may tinig na nagsasabing, "Ako ang nag-iisang tunay na Diyos na inyong sinisiraan, binabatikos, at nilalapastangan; Ako ang Makapangyarihan sa lahat na kasalukuyan ninyong sinisiraan at nilalapastangan!" Kapag narinig nila ito, agad na magugulat at maguguluhan ang sangkatauhan, nagagawa lang nilang magpatirapa sa lupa, tumatangis sila at nagngangalit ang kanilang mga ngipin. Ang isang pangungusap na ito ay lulutas sa lahat ng bagay, magpapatunay sa lahat ng bagay; may sinuman bang mangangahas na insultuhin ang Diyos kung magkagayon? Hindi ba't matatakot ang mga diyablong iyon sa relihiyosong mundo na maglalaho na lang sila nang walang bakas? Nag-iimbento si Satanas ng mga tsismis tungkol sa Diyos, sinisiraan at binabatikos nito ang Diyos, kaya iyong mga nananampalataya sa Diyos ay nagagalit at namumuhi, hindi makakain o makatulog, gustong magsulat ng mga artikulo at gumawa ng mga programa para pabulaanan ito, habang kumikilos nang simple ang Diyos—puwedeng magsalita lang ang Diyos ng ilang pangungusap at ganap nang susuko ang buong sangkatauhan, hindi na mangangahas na batikusin at lapastanganin Siya. Paano

ginawang masunurin si Pablo? (Nagpakita sa kanya ang Diyos sa daan patungong Damascus.) Nagpakita sa kanya ang Diyos. Ang totoo, wala siyang nakita; mayroon lang liwanag na sobrang kinatakutan ni Pablo na nagpatirapa siya sa lupa, at hindi na siya nangahas na usigin si Jesus. Ganoon kasimple ang pangangasiwa kay Satanas; ang totoo, masyado itong madali para sa Diyos. Kaya itong ayusin ng Diyos gamit lang ang isang salita. Ang paggawa nito ay magiging mas madali kaysa sa paggugol ng ilang dekada sa pakikipag-usap sa inyo at paggugol ng lahat ng pagsisikap na ito sa inyo, pero hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan. Bakit? May lihim na dapat Kong sabihin sa inyo: Ang mga tao ang inililigtas ng Diyos, ibig sabihin, iyong mga taong hinirang ng Diyos; ang iba pa, ang mga hindi hinirang ng Diyos, ay hindi itinuturing na mga tao kundi mga hayop, diyablo, hindi karapat-dapat na makarinig sa tinig ng Diyos, makakita sa mukha ng Diyos, at lalong hindi karapat-dapat na makaalam sa anumang impormasyon tungkol sa Diyos. Kaya naman, hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan. Kagalang-galang ang pagkakakilanlan ng Diyos; hindi Siya maaaring makita ng sinumang gustong makakita sa Kanya, at hindi Siya magpapakita sa isang tao dahil ito ay tutok, sabik, at buong-pusong nakatingala sa isang partikular na lugar sa kalangitan. Sa tingin mo ba, maaaring makita ang Diyos ng sinumang gustong makakita sa Kanya? May dignidad ang Diyos; nagpapakita ang Diyos sa mga taong may takot sa Kanya at umiiwas sa kasamaan, nagpapakita Siya sa mga banal na lugar at nagtatago mula sa maruruming lugar. Hindi na kailangan pang pagtalakayan kung ang buong sangkatauhan ay marumi o banal. Ang sangkatauhang ito ay hindi karapat-dapat na makakita sa Diyos; hindi nila kinikilala na mayroong Diyos, kaya bakit magpapakita ang Diyos sa kanila? Hindi sila karapat-dapat! May kakayahan ang Diyos na gumawa ng mga bagay pero hindi Niya ginagawa ang mga ito; kinukumpirma nito ang kababaang-loob at pagiging tago ng Diyos, at ang pagiging kagalang-galang ng pagkakakilanlan Niya. Sabihin mo sa Akin, kung kaya ni Satanas na gawin ang mga bagay na iyon, ilang beses sa isang araw nito gagawin ang mga iyon, gaano ito magpapakitang-gilas? Kapag ang mga taong natiwali ni Satanas ay may hawak na maliit na posisyon at may kaunting kapangyarihan, sino ang nakaaalam kung gaano nila ipangangalandakan ang kapangyarihang ito—lalo na si Satanas, aabusuhin at ipangangalandakan nito ang anumang kaunting kapangyarihang taglay nito sa mga kahindik-hindik na paraan. Hindi kumikilos ang Diyos sa ganitong paraan; huwag sukatin ang Diyos gamit ang lohika ni Satanas, isa iyong magiging malaking pagkakamali. Tungkol naman sa kung ano ang kayang gawin ng Diyos, depende na sa Diyos kung gusto Niya itong gawin; kung gusto ng Diyos, maaari itong gawin sa loob ng ilang sandali, at kung ayaw Niya, walang makapipilit sa Kanya. Ganito lang ang saloobin ng Diyos sa mga tsismis—hindi Niya pinapansin ang mga ito. Ginagawa pa rin ng Diyos ang nararapat Niyang gawin, ang layon Niyang gawin; walang tao, walang puwersa ang makasisira o makapagbabago sa plano Niya. Walang nababago ang mga tsismis na ito na bumabatikos, naninira, at nangmamaliit sa Diyos. Kung tutuusin, ang mga tsismis ay tsismis lang at hindi kailanman magiging mga katunayan. Kahit na

naaayon ang mga ito sa pilosopiya, agham, moralidad, teorya ng tao, at iba pa, kahit na tumindig ang buong sangkatauhan para batikusin ang Diyos, ang katotohanan ay hindi titindig sa panig ng sangkatauhan, ni hindi tataglayin ng sangkatauhan ang katotohanan. Ang Diyos ay Diyos magpakailanman; hindi kailanman nagbabago ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos. Kaya, gaano man manggulo si Satanas, umuusad pa rin ang gawain ng Diyos sa maayos na paraan, dahil gawain ito ng Diyos. Kung gawain ito ng tao, nawasak at tumigil na sana ito sa pag-iral dahil sa mga gayong panggugulo ng rehimen ni Satanas at dahil sa iba't ibang pambabatikos at paninira ng mga puwersang panlipunan. Saka lang mas sumasagana ang iglesia kapag nagsasalita at gumagawa ang Diyos, kapag gumagawa ang Banal na Espiritu. Hindi ba't isa itong katunayan? Nakita na ba ninyo ang katunayang ito? (Oo, nakita na namin.) Ano ang nakita ninyo? (Ang ebanghelyo ng kaharian ay lumaganap na sa dose-dosenang mga bansa, at ang mga tsismis na iyon na inimbento at ipinakalat ni Satanas ay hindi talaga nakapigil sa mga nagmamahal sa katotohanan na bumaling sa Diyos.) Gawa ito ng Diyos; kayang makamit ng gawain ng Diyos ang ganitong epekto, kayang makamit ng mga salita ng Diyos ang ganitong epekto—lampas ito sa mga inaasahan ni Satanas. May gayon kalaking kapangyarihan ang mga salita ng Diyos; ang ebanghelyo ay lumalaganap sa isang mabuting direksiyon at umuusad nang maayos ang lahat ng bagay ayon sa plano ng Diyos, nang walang anumang pagkakaiba. Lumalaganap sa hinirang na mga tao ng Diyos ang gawain ng Diyos at ang mga salita ng Diyos, gaya nang matagal nang itinakda. Parami nang parami kada buwan ang bilang ng mga taong nakakamit mula sa pangangaral ng ebanghelyo at ang bilang ng mga taong nagsisiyasat sa tunay na daan. Hindi ba't ipinapakita nito kung paano lumalaganap ang gawain ng ebanghelyo? Kung hindi ito gawain ng Diyos, kahit gaano karaming tao ang nagbayad ng kahit gaano kalaking halaga, hindi nila makakamit ang epektong ito. Ito ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, ang epektong nakakamit ng kapangyarihan ng mga salita ng Diyos.

Bumalik tayo sa pagtatalakayan sa kung paano tinatrato ng mga tao ang iba't ibang tsismis. Hindi kaya ng mga tao na makamit ang saloobing pareho sa Diyos patungkol sa iba't ibang tsismis. Hindi nila nauunawaan ang mga layunin ng Diyos, at kapag nakaririnig sila ng mga tsismis, palagi nilang nararamdaman: "Kung wala akong gagawin, mabibigo ko ang konsensiya ko. Kung mamamayani ang mga taong nag-iimbento ng mga tsismis, hindi ako mapapalagay, hindi masisiyahan, at sasama ang loob ko, makararamdam ako ng kawalan ng balanse, kaya dapat kong pabulaanan ang mga ito. Dapat akong gumawa ng video, o magsulat ng artikulong naglilinaw sa mga tsismis." Mahalagang pagnilayan kung ang paggawa ng mga bagay nang may gayong mentalidad ay naaayon sa mga layunin ng Diyos, kung tumutugon ba ang mga ito sa mga katotohanang prinsipyo. Kung ang layon at motibasyon ninyo sa paggawa ng gawain ng iglesia at sa mga tungkulin ninyo ay para lang linawin ang mga tsismis at malinaw na ipaliwanag na sa tunay na Diyos kayo nananampalataya, na nasa tamang landas kayo sa buhay, at na makatarungan ang lahat ng ginawa ninyo para ipangaral ang ebanghelyo at magpatotoo sa Diyos—at na dahil

lang hindi nakaaalam o nakauunawa sa katotohanan ang mundo sa lahat ng katunayang ito kaya inaakusahan nila kayo ng maraming krimen na walang batayan—at kaya umaasa kayo na kapag nalinaw na ang lahat ng bagay, kikilalanin kayo ng mundo bilang inosente, na magkakaisang kikilalanin ng lahat ng partido sa mundo na “sa tunay na Diyos kayo nananampalataya, nasa tamang landas kayo sa buhay, at na tama at makatarungan ang lahat ng ipinagawa sa inyo ng Diyos,” pagkatapos ay ano na? Mararamdaman ba ninyo na panatag na kayo at na may katwiran kayo sa pananampalataya ninyo? Matatahak na ba ninyo ang tamang landas sa pananampalataya sa Diyos? Matatahak na ba ninyo ang landas ng kaligtasan nang walang anumang pakikialam mula sa labas? Magkakaroon ba kayo ng may-takot-sa-Diyos na puso? Makapagkakamit ba kayo ng pagpapasakop sa Diyos? Makatatanggap ba kayo ng pagsang-ayon ng Diyos? (Hindi.) Posible bang hindi magkamali ng pagkaunawa sa inyo ang mga tao at purihin at galangin lang nila kayo, pagkatapos niyon ay makapananampalataya ka na sa Diyos nang may malinis na konsensiya? Hinding-hindi! Siyempre, hindi kayang makamit ng mga tao ang saloobin sa mga tsismis na pareho sa Diyos, pero ang isang tao ay dapat na may tamang perspektiba, may tumpak na saloobin at tindig, sinasabi: “Ang mga tsismis na ito ay kamuhi-muhi at kasuklam-suklam nga. Mula sa mga tsismis na ito, makikita na ang tiwaling sangkatauhang ito ay kaaway nga ng Diyos; ganap na tama ito! Hindi ko dapat husgahan kung ang gawain ng Diyos ay totoo o huwad batay sa mga tsismis ni Satanas. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos at sa pamamagitan ng mga karanasan sa paggawa ng tungkulin ko, kinukumpirma ko na lahat ng salita ng Diyos ay ang katotohanan, at lahat ng ginagawa Niya ay nagtutulot sa mga tao na maligtas. Dahil humarap ako sa Diyos ngayon para tanggapin ang pagliligtas Niya, dapat kong gawin ang tungkulin ko, at tuparin ang mga obligasyon at responsabilidad ko para ipalaganap ang mga salita ng Diyos, iproklama ang pangalan Niya, at magpatotoo sa gawain ng Diyos at sa mga layunin Niya, para ang mga pinipili ng Diyos ay maaaring bumalik sa sambahayan ng Diyos, marinig ang tinig Niya, at matanggap ang panustos ng mga salita at buhay mula sa Kanya nang mabilis at sa lalong madaling panahon. Ito ang obligasyon ko, ang responsabilidad ko. Nakikipagtulungan ako sa gawain ng Diyos, pero hindi para pangatwiranan na ang landas na sinusundan ko ay ang tamang landas o na ang pakay ko ay makatarungan—hindi para sa mga bagay na ito. Hindi ko ginagawa ang tungkulin ko para maghiganti laban sa mga pambabatikos at paninira ni Satanas laban sa Diyos. Sa halip, tinutupad ko ang sarili kong mga obligasyon at responsabilidad, at siyempre, ang sarili kong katapatan, para suklian ang pagmamahal ng Diyos, tanggapin ang atas ng Diyos, at makipagtulungan sa gawain ng Diyos.” Ito ba ang tamang perspektiba? Ito ba ang perspektibang dapat mayroon ang mga tao? (Oo.) Mula sa anggulong ito, kapag lumilikha ng iba’t ibang programa, ito man ay pag-awit ng mga himno, pagsayaw, paggawa ng mga pelikula, o paggawa ng mga dula tungkol sa mga patotoong batay sa karanasan, hindi ba’t dapat na sumailalim sa ilang pagbabago ang tindig ng mga tao, ang anggulo kung saan sila tumitindig, at ang ilang partikular na pahayag nila? (Oo.)

Gayumpaman, karamihan ng tao, habang ginagampanan ang lahat ng gampaning ito, ay gumawa nito nang may pagkamainitin ng ulo at may pagkamuhi, at may halong mga emosyon ng tao. Samakatwid, masyadong marami ang inilantad nila tungkol sa mga kilos at pag-uugali ng mga walang pananampalataya, ng naghaharing partido, at ng relihiyosong mundo, at naging masyadong malupit ang mga salita nila, nag-iiwan ng medyo negatibong epekto sa iba pagkatapos tingnan ng mga ito ang mga gayong programa. Simple ang dahilan: Ginagawa ng mga tao ang lahat ng aktibidad na ito nang may partikular na emosyon, mula sa medyo hindi tamang anggulo. At nararamdaman pa rin ng mga tao na medyo makatarungan ito, sinasabi nila: “Binabatikos, minamaliit nila tayo at nag-iimbento sila ng mga tsismis tungkol sa atin; ano ang mali sa paglalantad sa kanila? Ito ay lehitimong pagtatanggol sa sarili! Ang lehitimong pagtatanggol sa sarili ay hindi ilegal, ni hindi tayo nag-iimbento ng mga bagay-bagay; hinihimay nating lahat ang mga bagay batay sa mga katunayan. Nag-iimbento sila ng mga tsismis tungkol sa atin nang walang batayan; mali ba na ilantad at himayin natin sila? Hindi ba tayo puwedeng gumanti?” Ano ang silbi ng paghihiganti? Ang mga diyablo ay puno ng mga kasinungalingan at hindi kailanman nagsasabi ng kahit isang makatotohanang pahayag; palaging hinihimay ang mga kasinungalingan para mapagtanto nila na ang sinasabi nila ay mga kasinungalingan at para pagkatapos nilang umamin sa pagsisinungaling ay hindi na sila magsinungaling muli—may anumang halaga ba roon? Kaya ba nila itong makamit? (Hindi.) Hindi ba’t hangal at mangmang ang pamamaraang iyon? Matagal Ko nang sinabi na ang pangunahin nating gampanin ay ang magpatotoo sa gawain ng Diyos, sa mga epektong nakakamit ng gawain Niya, sa Kanyang mga salita, at sa epekto ng mga salita Niya sa mga tao, at tungkol naman sa panunupil at pag-uusig ng naghaharing partido, at sa paglaban at pagkondena ng relihiyosong mundo, sapat nang banggitin lang nang saglit ang ilang pinagmulang nasasangkot. Pero hindi makaunawa ang mga tao paano man nila ito marinig. Palagi nilang tinatrato ang mga isyung ito nang may pagkamainitin ng ulo at palagi nilang gustong makipagtalo. At ano ang resulta? Wala man lang itong nagiging epekto, dahil hindi na mapapangatwiranan ang masasamang puwersa ni Satanas. Hindi ba’t ito ang kahangalan at kamangmangan ng mga tao?

Ang ilang tao ay nangangaral ng ebanghelyo, natututo ng ilang teknikal na propesyon, o gumagawa ng partikular na uri ng tungkulin, nang may natatanging motibasyon na linawin ang mga tsismis at ipaliwanag sa mga tao kung ano ang totoo, nagdedeklara ng digmaan sa madilim na mundo at sa masasamang taong lumalaban sa Diyos. Makatarungan ba ito? Tama ka man o mali sa paggawa nito, kailangan mong maunawaan: Ililigtas ba ng Diyos iyong mga buktot na taong mapanlaban sa Kanya? May anumang halaga ba ang paggawa mo rito? Kung hindi mo nauunawaan kung anong uri ng mga tao ang inililigtas ng Diyos at palagi kang nagpapahayag ng ilang pananaw na tila tama pero sa aktuwal ay mali, hindi ba’t hinahadlangan nito ang sarili mong kaligtasan? Ang ilang tao ay gumagawa ng tungkulin nila para lang labanan ang masasamang puwersa na lumalaban

sa Diyos at para kontrahin ang mga makamundong kalakaran. “Sinasabi nila na pinapabayaan natin ang mga pamilya natin at na hindi tayo namumuhay ng normal na buhay, kaya gusto kong patunayan ang sarili ko sa pamamagitan ng paggawa nang maayos sa mga tungkulin ko. Sa hinaharap, kapag pumunta ako sa langit at nakapasok ako sa kaharian at sila ay hinatulan, makikita nilang tama ako!” Ano ang silbi ng pagpapatunay sa sarili mo sa ganoong paraan? Kahit napatunayan mo na ang sarili mo, ano ang silbi nito? Ano ang kinakatawan nito? Ano ang halaga niyon? Kung tunay na matutulutan ka nitong makapasok sa kaharian at makamit ang pagsang-ayon ng Diyos, magiging sulit ito, at magiging tama ang landas mo. Pero sa kasawiang palad, ang landas na ito ay hindi posible. Hindi ito ang landas na pauna nang itinakda ng Diyos para sa mga tao, at hindi hinihingi ng Diyos sa mga tao na kumilos sa ganitong paraan. Ang mga tao ay palaging hangal, iniisip na dahil pumapanig sila sa katotohanan at taglay nila ang katotohanan, dapat nilang akuin ang mga makatarungang pakay, magdeklara ng digmaan laban sa masamang mundong ito at sa lahat ng nag-iimbento ng mga tsismis: “Nananampalataya kami sa Diyos at sumusunod sa Diyos, ginagawa namin ang tungkulin namin—ipapakita namin sa inyo kung sino ang nasa tamang landas!” Hindi ba’t ito ay pagkamainitin ng ulo? May anumang silbi ba ang pakikipagtalo tungkol sa mga bagay na ito? Wala talaga itong halaga. Kung talagang may oras at lakas ka, mas mainam na mag-aral pa tungkol sa isang propesyon, na mag-aral ng higit pang kaalaman at pangkaraniwang kaalamang nauugnay sa isang propesyon. Kapaki-pakinabang at sumusuporta ito sa paggampan mo ng tungkulin. Bakit ka palaging nakikipaglaban sa masasamang puwersa ng mundo? Bakit palagi kang nakikipaglaban sa mga tsismis? Hindi ba’t paggugol ito ng pagsisikap kung saan hindi naman ito kinakailangan? Paano ka man binabatikos ng iba, hindi na sila kailangang pansinin. Sila ay may maladiyablong kalikasan, at mga halimaw, sadyang ganoong uri sila; hindi sila inililigtas ng Diyos, hindi sila binabago ng Diyos, at hindi sila kinakausap ng Diyos. Hindi sila pinapansin ng Diyos, kaya kailangan mo ba silang pansinin? Kung matigas na nagpupumilit ang mga tao na gawin ang hindi ginagawa ng Diyos, hindi ba’t medyo hangal ito at walang karunungan? Sa pinakamababa, isa kang taong walang pusong nagpapasakop sa Diyos, at hindi mo minamahal ang minamahal ng Diyos, o kinamumuhian ang kinamumuhian ng Diyos. Hindi mo nakikita kung ano ang saloobin ng Diyos sa mga bagay na ito—hindi pinapansin ng Diyos ang mga ito; ni hindi mo napagtatanto kung bakit ganoon. Sa bawat isa sa tatlong yugto ng gawain ng Diyos, nagsabi ang Diyos ng maraming salita. Maraming pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ng sangkatauhan, at mula sa mga pag-uusap na ito, makikita ng isang tao ang mga layunin ng Diyos, ang disposisyon, at diwa ng Diyos. Gayumpaman, hindi kailanman tinatalakay ng Diyos kung paano Siya nakikipag-usap kay Satanas sa mga partikular na usapin, at kaya nailalantad si Satanas, tinutulutan ang sangkatauhan na malinaw na makita ang tunay na mukha ni Satanas, at malinaw na makita kung paano tinatrato ni Satanas ang Diyos. Napakaraming gayong usapin, pero hindi binabanggit ng Diyos ang mga ito. Bakit hindi binabanggit ng Diyos

ang mga ito? Dahil walang pakinabang sa iyo ang pagtalakay sa mga bagay na iyon. Ang pinakakapaki-pakinabang sa iyo ay ang mga salita ng buhay ng Diyos; ang mga salitang ito na magbibigay sa iyo ng kakayahang lumapit sa Diyos at maging isang taong nagpapasakop sa Diyos, at may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan ang pinakakapaki-pakinabang sa iyo. Sinasabi sa iyo ng Diyos kung paano mamuhay at kung paano magsalita, pati na rin kung paano kilatisin ang mga tao at usapin at matutong isagawa ang katotohanan at maging marunong sa iba't ibang kapaligiran at sitwasyon—kapaki-pakinabang sa iyo ang lahat ng ito. Sinasabi at ginagawa ng Diyos ang anumang kapaki-pakinabang sa iyo. Hindi nagsasabi ang Diyos ng ni isang salita na hindi kapaki-pakinabang sa iyo. Hindi ba't magiging napakadali para sa Diyos na sabihin ang mga salitang iyon? Kaya bakit hindi Niya sinasabi ang mga iyon? Dahil hindi kailangan ng tiwaling sangkatauhan ang mga salitang iyon. Ang mga tsismis na ito ay katumbas ng mga salita ng mga diyablo at ni Satanas, at hindi pinapansin ng Diyos ang mga ito, kaya hindi mo rin dapat labanan ang mga iyon. Nauunawaan mo ba? (Oo.) Kapag nauunawaan mo na, malalaman mo na kung paano magsagawa, hindi ba? Huwag pagsumikapan ang paghihimay sa mga tsismis, pagpapabulaan sa mga tsismis, paghahanap sa mga pinagmulan ng mga tsismis, at iba pa. Kung talagang may puso ka na magpatotoo sa Diyos at gusto mong manindigan sa patotoo mo at makamit ang pagsang-ayon ng Diyos, napakaraming salita ang puwede mong sabihin at napakaraming bagay ang puwede mong gawin. Ang mga salita at katotohanang itinutustos ng Diyos sa mga tao ay hinihinging pagnilayan at danasin, nang sa gayon ay maging sarili mong mga prinsipyo at mga landas sa pagsasagawa ang mga ito, na sa huli ay magiging sarili mong buhay. Kinakailangan mong paglaanan ng oras at lakas ang pagpapatupad nito. Kung hangal at mangmang ka, palaging pinagsusumikapan ang mga tsismis, palaging gustong linisin ang pangalan mo at linawin ang sarili mo sa mundo, kung gayon ay problema iyon; hindi mo makakamit ang katotohanan, at ganap kang matatali at mapapagod sa mga makamundong tsismis na ito. Sa huli, hindi mo maipaliliwanag nang malinaw ang mga bagay-bagay. Bakit hindi mo maipaliliwanag ang mga ito nang malinaw? Dahil humaharap ka sa diyablo, at nagsasabi ito ng mga tahasang kasinungalingan. Ano ang sinasabi ng diyablo ngayon? Sinasabi ng malaking pulang dragon, "Ang Tsina ang tagapagtanggol ng kaayusan ng mundo, ang tagapagtanggol ng kapayapaan ng mundo, at napakahalaga ng papel nito sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa mundo." Alin sa mga salitang sinasabi nito ang katunayan? Katunayan ba ang mga salitang ito? Kapag naririnig mo ang mga salitang ito, hindi ka ba nagagalit? Pagkatapos marinig ito, iniisip mong napakawalang kahihiyan ni Satanas para magsabi ng mga gayong bagay. Bakit ka makikipagtalo rito? Hindi ba't nagiging hangal ka? Sadyang ganitong uri ng bagay ito—ginagamit lang ito ng Diyos para magserbisyo ito, hinding-hindi Niya layon na iligtas o baguhin ito. Hindi ba't kahangalang makipagtalo rito? Huwag gumawa ng mga gayon kahangal na bagay. Hindi nakikinig sa mga tsismis na ito ang marurunong na tao, ni hindi sila napipigilan ng mga ito. Sinasabi ng ilang tao, "Naguguluhan ako pagkatapos

na marinig ang mga tsismis!” Kung gayon ay dapat kang magdasal sa puso mo, gamitin ang katotohanan para kumilatis, at pagkatapos ay isumpa ang mga diyablong iyon at si Satanas, at hindi na magkakaroon ng anumang epekto ang mga tsismis na ito sa puso mo. May isa pang paraan: Dapat mong makilatis ang diwa. Sinasabi mo, “Kahit hindi tumutugma sa mga kuru-kuro ko ang mga kilos ng Diyos at kinokondena at itinatakwil ng tiwaling sangkatauhan ang mga ito, nakikita ko na Siya ang katotohanan, at na walang katotohanan ang mga diyablo at si Satanas. Determinado akong manampalataya sa Diyos! Ang Diyos lang ang makapagliligtas sa akin. May diwa Siya ng Diyos, Siya ang Diyos, at hindi kailanman nagbabago ang diwa Niya. Gaano man labanan ng mga diyablo at ni Satanas ang Diyos, wala silang katotohanan, at hindi ako naniniwala sa mga salita ng diyablo at ni Satanas!” May ganito ka bang pananalig? (Mayroon.) Kung may ganito kang pananalig, hindi ka dapat mabahala sa anumang tao, pangyayari, o bagay, at lalong hindi ka dapat mailihis o maatake ni Satanas. Kung gayon, ano ang dapat mong gawin? Huwag itong pansinin; tumuon lang sa paghahangad sa katotohanan at paninindigan sa patotoo mo, at mapapahiya si Satanas.

Ngayon lang, nagbahaginan tayo tungkol sa ilang isyung may kaugnayan sa pagpapakalat ng mga tsismis sa loob ng iglesia. Karamihan ng tao ay nakarinig ng ilang tsismis mula sa Komunistang gobyerno ng Tsina at sa relihiyosong mundo; nagbahaginan din tayo kanina kung paano tratuhin at pangasiwaan ang mga tsismis na ito. Kapag naunawaan na ng mga tao ang mga katotohanang prinsipyo, hindi na sila malilihis o magugulo ng mga tsismis. Kapag lumitaw sa iglesia ang isang taong nagpapakalat ng mga tsismis, anuman ang paraan o tono ng kanyang pagpapakalat ng anumang mga uri ng tsismis, paano natin dapat harapin ito? Dapat ba nating hayaang mangyari ito nang hindi nakikialam, o dapat ba nating ilantad, himayin, at pangasiwaan ang taong iyon? Aling pamamaraan ang naaayon sa mga prinsipyo? May ilang nagsasabi, “Hindi ba’t may kalayaan sa pananalita? Bakit hindi hayaan ang taong iyon na magsalita? Hayaan siyang magsalita. Matapos makinig sa mga tsismis, kapag nakikilatis na ng lahat ang mga ito sa kung ano ang mga ito, hindi na nila paniniwalaan ang mga maladiyablong salitang ito, at natural na mawawasak ang mga tsismis.” Sinasabi ng iba, “Hindi katanggap-tanggap na magpakalat siya ng mga tsismis at siraan ang Diyos. Hindi natin siya puwedeng hayaang gumawa ng mga bagay na naninira sa Diyos. Dapat natin siyang turuan ng leksiyon para gisingin siya. Nagtiis ang Diyos ng napakaraming pagdurusa para magsalita at gumawa upang iligtas tayo, pero nagpapakalat siya ng mga tsismis. Wala siyang konsensiya! Maiibsan lang ang pagkamuhi natin sa pamamagitan ng pagsumpa sa kanya; kung hindi natin siya pangangasiwaan, bibiguin natin ang Diyos.” Aling paraan ang mabuti? Pawang hindi epektibo ang mga pamamaraang ito. Gaya ng napagbahaginan natin kanina, tiyak na walang silbi iyong mga nagpapakalat ng mga tsismis, at kailangang makilatis ang mga gayong indibidwal. Kung paminsan-minsan lang silang nagpapakalat ng mga tsismis, dapat silang bigyang-babala. Kung palagi silang nagpapakalat ng mga tsismis, dapat silang ilantad, himayin,

at pagkatapos ay paalisin sa iglesia, para hindi na nila mailihis o mapinsala ang mga tao. Madali bang pangasiwaan ang usaping ito? Pangangasiwaan ba ninyo ito sa ganitong paraan, o hihintayin ba ninyong magbigay ng mga utos ang mga lider ng iglesia? Kapag natuklasang may isang taong palaging nagpapakalat ng mga tsismis, at na tuwing nagpupunta siya sa isang pagtitipon ay palagi niyang tinatalakay ang mga bagay na ito, hindi kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos, hindi kailanman nagdarasal, hindi nag-aaral ng mga himno, at higit pa rito, hindi niya ibinabahagi ang kanyang mga pagkaunawang batay sa karanasan sa mga salita ng Diyos, at sa tuwing may sinumang nakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos at nagbabahagi ng patotoong batay sa karanasan, nakararamdam siya ng pagkasuklam at pagtutol dito, pero hindi siya nakararamdam ng gayong pagkasuklam sa mga tsismis ng mga walang pananampalataya, at labis siyang nasasabik sa mga ito—kapag natuklasan na ang lahat ng ito, bakit pa magiging magalang sa gayong tao? Malinaw na alipin siya ni Satanas na nakapasok sa iglesia para guluhin ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pagsunod sa Diyos. Tinutulutan mo ba ang panggugulo niya? (Hindi.) Kung hindi mo ito tinutulutan, tumindig ka at sabihin mo, “Si Ganito-at-ganyan ay pumupunta sa iglesia at palaging nagpapakalat ng mga tsismis, hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos, at hindi nagbabahagi ng kanyang pagkaunawang batay sa karanasan sa mga salita ng Diyos. Siya ay hindi mananampalataya at dapat na paalisin sa iglesia. May anumang pagtutol ba ang sinuman?” Kung sinasabi ng lahat na wala silang mga pagtutol at nagtataas sila ng kamay bilang pagsang-ayon, kung gayon ay dapat na paalisin ang taong iyon. Hindi ba’t kasiya-siyang pangasiwaan ang tsismoso sa ganitong paraan? (Oo.) Ganito dapat pangasiwaan ang mga gayong tao.

D. Pagkilatis sa Iba’t Ibang Uri ng Walang Batayang mga Tsismis na Nagbibigay ng Maling Interpretasyon sa mga Salita ng Diyos at Humuhusga sa Gawain ng Diyos

Saan nagmumula ang uri ng mga tsismis na tinalakay natin kanina? Nagmumula ang mga ito sa malaking pulang dragon, mula sa relihiyosong mundo, at mula sa mga walang pananampalataya. Bukod sa mga tsismis mula sa mundo sa labas, may ilan ding kasabihan at sabi-sabi tungkol sa loob ng iglesia. May mga ganap na walang katotohanang pahayag pa nga tungkol sa Diyos, sa gawain ng Diyos, sa araw ng Diyos, at sa ilan sa mga salita ng Diyos, pati na rin sa ilang misteryong may kinalaman sa Diyos at sa gawain Niya, na nililikha ng mga tao batay sa mga imahinasyon at kuru-kuro nila, o batay sa patuloy na paghahatid ng maling impormasyon at walang batayang haka-haka. At dahil iniimbento ng mga tao ang mga gayong kasabihan, sabi-sabi, at pahayag, nabubuo ang mga tsismis na ito. Kapag nabuo na ang mga tsismis, ang ilang tao na mahilig sa mga tsismis ay nagiging masigla tungkol sa pagpapakalat ng mga ito, itinuturing na totoo ang mga tsismis at ipinapakalat ang mga ito kung saan-saan, napakalinaw at napakadetalyado ang paglalarawan nila sa mga ito kaya ang ilang tao

na walang kamalayan sa totoong kalagayan ng mga pangyayari, at hindi nakauunawa sa katotohanan at mga hangal at mangmang, ay tunay na naililihis ng mga tsismis na ito. Kapag nailihis na sila, naaapektuhan at naguguluhan ba sila? (Oo.) Mga karaniwang isyu rin ang mga ito na lumilitaw sa iglesia. Bagama't ang mga tsismis na ito ay hindi malubha kumpara sa iyong mga naninira at bumabatikos sa Diyos at sa sambahayan ng Diyos—hindi sinisiraan ni nilalapastangan ng mga ito ang Diyos—at bagama't hindi nagdudulot ang mga ito ng anumang kaguluhan o pinsala sa gawain ng Diyos, nakaaapekto pa rin ang mga ito sa buhay pagpasok ng ilang tao at dapat na pigilan ang mga ito. Halimbawa, kapag nakakarinig ang ilang tao ng ilang mapanlinlang na komento, pinaniniwalaan nila ang mga ito sa puso nila at mabilis nilang ipinapakalat ang mga ito sa mga nasa paligid nila na malapit sa kanila. Habang kumakalat ang mga tsismis, dumarami at kumpleto ang mga detalye, at sa huli, nagsisimulang magmukhang totoong mga pangyayari ang mga tsismis. Kumpleto ang mga elemento gaya ng oras, lugar, at mga karakter—ang mga gayong tsismis ay pasok sa mga kondisyon para maipakalat sa publiko, hindi ba? Anong impormasyon ang ipinapakalat? Sinasabi ng tsismoso, "May mahalaga akong dapat na sabihin sa inyo ngayon. Hindi mapapalagay ang kalooban ko kung hindi ko ito sasabihin; ni hindi ako makakatutok sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Sabik na sabik ako tungkol sa usaping ito. Sa wakas, tayong mga nananampalataya sa Diyos ay may pag-asa na ngayon!" Kapag narinig ng lahat na may pag-asa, nagiging interesado at masigla sila; labis na kaakit-akit ang paksang ito. Sinasabi nila, "Malapit nang matapos ang gawain ng Diyos. Lumitaw na ang ilang tanda na dati nang ipinropesiya ng Diyos tungkol sa katapusan ng gawain Niya. Halimbawa, ang kalagayan ng buwan at araw, ang sitwasyon sa Silangan at Kanluran, ang bilang ng hinirang na mga tao ng Diyos sa bawat bansa, kung ilang tao ang nakagagawa ng mga tungkulin nila, at iba pa—nasa harap na natin ngayon ang mga palatandaang ito ng pagtatapos ng gawain ng Diyos. Kailangan nating mabilis na maghanda!" Tinatanong ng isang tao, "Ano ang dapat nating ihanda?" Sinasabi ng tsismoso, "Dapat tayong maghanda ng mabubuting gawa at maghanda ng pagkain, at agad na ibigay ang lahat ng mga ipon natin bilang handog sa Diyos, pagkatapos ay matitiyak natin ang isang mabuting hantungan." Sinasabi rin nila, "Sa ganito-at-ganyang taon at buwan, sa ganito-at-ganyang petsa, at sa ganito-at-ganyang oras, kailangan nating magtipon-tipon sa isang partikular na lugar kung saan maghihintay sa atin ang Diyos para kuhain tayo. Sinabi ng Diyos, 'Kung hindi mo tatalikuran ang lahat, hindi ka karapat-dapat na maging disipulo Ko, at hindi karapat-dapat na maging tagasunod Ko.' Ngayon ay dumating na sa wakas ang araw ng Diyos, at natupad na ang mga salita ng Diyos. Dapat nating bitiwan ang lahat ng makamundong bagay, hindi lang ang mga kinabukasan at karera natin kundi pati ang ating mga pamilya, kamag-anak, at makalamang ugnayan. Dapat nating talikuran ang lahat ng makamundong pagkakatali; tatagpuin natin ang Diyos!" Tinatanong ng karamihan ng tao, "Totoo ba ito?" Sinasabi ng tsismoso, "Oo, ibinenta ko ang bahay at kotse ko, at nag-withdraw na ako ng ipon ko. Kung hindi ka naniniwala sa

akin, tingnan mo ang mga salita ng Diyos. Sa isang kabanata, ang pagsusuri sa isang partikular na pangungusap ay nagbubunyag ng isang lokasyon, at sa isa pang kabanata, ang pagsusuri sa isang partikular na sipi ay nagbubunyag sa taon at buwan….” Pagkarinig nito, may sinuman bang hindi napupukaw? May sinuman bang nakakikilatis sa mga salitang ito? Hindi ba’t ang mga bagay na ito ang labis na inaalala ng mga tao? Hindi ba’t ang mga bagay na ito ang matagal nang inaasam ng mga tao? Ang ilang tao, matapos na marinig ito at matapos tingnan ang mga salita ng Diyos at iniisip na tumutugma nga ito, ay nagsisimulang mag-isip ng alternatibong plano. Bagama’t nag-aalinlangan ang ilang tao sa loob-loob nila, umaasa pa rin sila na totoo ito, iniisip nila, “Bagama’t matagal pa ang tinukoy na taon at araw, kahit papaano ay may eksaktong petsa at oras, kaya may pag-asa tayo.” Bagama’t hindi talaga sila naniniwala rito, binibigyang-atensiyon pa rin nila ito. Ano ang ipinapahiwatig ng atensiyong ito? Ipinapakita nito na madaling naiimpluwensiyahan at nababahala ang mga tao sa mga bagay na ito. Kapag nagsimula nang kumalat nang husto sa iglesia ang ganitong klase ng tsismis, labis na masasabik ang 80 hanggang 90 porsiyento ng tao, at nagiging lubhang emosyonal, iniisip nila, “Sa wakas, parating na ang araw na inaasam natin! Narinig ng Diyos ang mga dasal natin! Mahal tayo ng Diyos at hindi Niya tayo inabandona!” Ano ang magiging mga kahihinatnan ng pagpapakalat ng mga gayong paksa sa mga pagtitipon? Makaaapekto ba ito sa emosyon ng lahat? Hindi ito matatanggihan ng mga tao, kahit na gustuhin nila; pupukol sa puso nila ang bawat pangungusap ng naturang tsismis, kaya magiging imposible na hindi sila maniwala. Pinakamalamang na paniwalaan ng mga tao ang mga salitang ito; kahit na hindi sila isandaang porsiyentong sigurado, hinihiling pa rin nila na sana ay totoo ito, iniisip nila, “Sa pagninilay-nilay sa kung gaano karaming paghihirap ang tiniis natin sa pagsunod sa Diyos—ang matakwil ng mundo, tugisin ng gobyerno, usigin ng relihiyosong mundo, halos hindi na makahinga, namumuhay sa palagiang pagkatakot—kailan matatapos ang mga araw na ito? Ngayon, dumating na sa wakas ang araw ng Diyos!” Ang mga ganitong pag-iisip ay nagpapabilis sa tibok ng puso mo: “Labis nating ginugol ang sarili natin para sa Diyos, napakatibay ng pananalig natin sa pagsunod sa Diyos; tiyak na totoo ang naririnig natin. Hindi na natin kailangang magpagala-gala at magdusa sa mundong ito—nararapat sa atin na hindi na gawin iyon!” Kapag may ganito kang kaisipan, at labis kang kumbinsido at napakarubdob ng damdamin mo tungkol sa tsismis na ito, gusto mo pa rin bang basahin ang mga salita ng Diyos? Sa puntong ito, hindi ba’t tila paimbabaw ang pagbabasa ng anumang sipi ng mga salita ng Diyos? Nadarama mo: “Bakit tila hindi na kinakailangan ngayon ang pagbabahagi ng pagkaunawang batay sa karanasan sa mga salita ng Diyos? Hindi na kailangan pang magdasal sa Diyos, tama? Dumating na ang araw ng Diyos, at malapit na nating makatagpo ang Diyos nang harap-harapan, kaya hindi ba’t ang pagdarasal ngayon sa Diyos ay mangangahulugan na hindi natin nirerespeto ang Diyos? Kapag namumuhay sa laman, nang malayo sa Diyos, kinailangan nating magbasa ng mga salita ng Diyos para ibsan ang pananabik natin. Ngayon, malapit na nating lisanin ang

mundong ito at malapit na nating makatagpo ang Diyos nang personal, kaya hindi na kailangang basahin ang mga salita ng Diyos. Walang anumang ginagawa natin ngayon ang kasinghalaga ng pakikipagtagpo sa Diyos sa partikular na taon, buwan, araw, at oras na iyon. Kay ganda ng magiging pangyayaring iyon! Kumpara sa pakikipagtagpo sa Diyos sa araw na iyon sa lugar na iyon, tila napakawalang kabuluhan ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos." Hindi ka na makatutok sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Hindi na mapakali ang puso mo, inaasam na dumating na agad ang araw na iyon! Hindi ba't mahirap ipahayag ang lagay ng damdaming ito? Ang mga gayong tsismis ay sobrang nakaaakit sa panlasa ng karamihan at napakadaling kumalat sa loob ng iglesia. Ikakalat ito ng isang tao sa dalawang tao, sasabihin ito ng dalawang tao sa sampung tao, at lalo pang kakalat nang kakalat ang mga tsismis, mula sa isang iglesia patungo sa dalawang iglesia, mula sa dalawang iglesia patungo sa lima, palawak nang palawak ang pagkalat ng mga ito. Ano ang mga kahihinatnan? Ang mga tsismis na ito ay nagdudulot sa mga tao na pagdudahan ang Diyos, ilayo ang sarili nila mula sa Diyos, limutin ang tunay na pagmamahal ng Diyos sa pagliligtas sa sangkatauhan, limutin ang tungkuling dapat nilang gawin, at limutin ang daan na dapat nilang sundan. Sa halip, lubos na nakatuon sila sa paghahangad na makita ang pagdating ng araw ng Diyos at makita kung makatatanggap sila ng mga pagpapala. Kapag talagang dumating na ang araw na iyon at walang nangyari, saka lang mapagtatanto ng mga tao na nagdulot ng pinsala sa buhay nila ang paniniwala sa mga tsismis. Kapag nagkagayon, makababalik ka pa ba sa dating ikaw, umaasal sa maayos na paraan, pinanghahawakan ang tungkulin mo, praktikal na hinahangad ang katotohanan, hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo sa lahat ng bagay, at umaasal at ginagawa ang tungkulin mo nang ayon sa mga salita ng Diyos? Lumipas na ang oras at hindi na maibabalik. Sino ang dapat sisihin para dito? Sisihin mo ang sarili mo dahil hindi ka kailanman naging isang taong naghahangad sa katotohanan. Lutang ang utak mo, at bilang resulta, napaniwala ka sa mga tsismis.

Para sa mga tao na nananampalataya sa Diyos pero hindi nakauunawa sa katotohanan, puwede silang madala ng isang tsismis sa isang napakalalim na hukay at masira sila. Ano ang ibig sabihin ng napakalalim na hukay? Sa simula, may normal kang pananampalataya sa Diyos at may pag-asa kang maligtas, pero naligaw ka ng iisang tsismis. Nang hindi mo napagtatanto, nailihis ka na ni Satanas, naniwala ka sa mga maladiyablong salitang sinabi ni Satanas at sinundan mo ito. Lumakad at naghangad ka ayon sa landas na inilatag ni Satanas para sa iyo, at habang mas lumalayo ka, mas nagdidilim ang puso mo, at mas napapalayo ka sa Diyos. Kapag ganap mo nang iniwanan at itinakwil ang Diyos, hindi ka lang nagkakaroon ng mga pagdududa tungkol sa Diyos sa puso mo, kundi ang mas malubha pa, nagkakaroon ka ng mga reklamo tungkol sa Diyos at pagtatatwa sa Diyos. Kapag narating mo ang puntong ito, hindi ba't dulo na ito ng landas para sa iyo? Hindi ba't ito ang napakalalim na hukay? Ito ba ang isang bagay na gusto mong makita? Kapag narating mo ang puntong ito, kaya mo pa rin bang magkamit ng kaligtasan? Hindi, at napakahirap nang bumalik. Bakit? Dahil

tumigil na sa paggawa ang Diyos, tumigil na sa paggawa ang Banal na Espiritu, at napupuno ka na ng kadiliman. Isang mataas na pader ang itinayo sa pagitan mo at ng Diyos. Ano ang pader na ito? Ito ang mga kuru-kuro, imahinasyon, at tsismis na itinanim ni Satanas sa iyo, at mga personal na pagnanais. Ang kaalaman mo tungkol sa mga positibong bagay, tulad ng pagkakakilanlan, diwa, katayuan ng Diyos, at iba pa, ay biglang lumalabo at unti-unti pa ngang naglalaho. Sobrang nakakatakot ito. Hindi ba't ito ay pagkahulog sa napakalalim na hukay? (Oo.) Kapag nasadlak ka sa ganitong sitwasyon, kaya mo pa rin bang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga para gawin ang tungkulin mo? Kaya mo pa rin bang tahakin ang landas ng paghahangad sa katotohanan para makamit ang kaligtasan? Sinasabi Ko sa iyo, napakahirap nang bumalik. Ito ay pagiging naligaw! Kahit ang isang tsismis lang, kung hindi ka maingat kahit sandali at nalihis ka, puwedeng magkaroon ng mga hindi lubos maisip na resulta. Samakatwid, kapag lumilitaw sa iglesia ang mga gayong tsismis tungkol sa gawain ng Diyos, dapat na agad na pigilan at limitahan ang mga ito. Hindi dapat mag-imbento ang isang tao ng mga bagay-bagay nang walang batayan, at hindi dapat gumawa ng kung ano-anong kasinungalingan na gustong marinig ng mga tao, para ilihis at iligaw sila mula sa tamang landas. Kahit na gusto ng mga tao ang mga paksang ito, ano ang mabuting nagagawa nito kung tututukan ito ng isang tao sa kanyang puso at ipapakalat niya ang mga ito? Anong pakinabang ang maaaring makamit? Sinasabi ng ilang tao, "Puwedeng sabihin ng taong iyon ang anumang gusto niya, yamang bibig naman niya ito. Kaya hayaan siyang magsalita ayon sa gusto niya." Depende iyan sa kung ano ba ang sinasabi. Kung isa itong bagay na nakapagpapatibay sa mga tao, puwede itong sabihin at ipalaganap—puwede itong ipalaganap sa anumang paraan. Pero ang mga tsismis na ito ay hindi nakapagpapatibay sa mga tao kahit kaunti; inililihis lang ng mga ito ang mga tao at inililigaw ang atensiyon nila, ginugulo ang paghahangad nila at inililigaw sila mula sa tamang landas, nakaaapekto sa ugnayan nila sa Diyos, nakaaapekto sa normal nilang paggampan ng tungkulin nila, at nakaaapekto sa normal na kaayusan ng gawain ng iglesia. Kapag tinanggap na ng mga tao ang mga tsismis na ito, para silang hindi makalabas sa isang pasikot-sikot at nakalilitong lugar. Kaya, kapag narinig mo ang mga tsismis na ito, kung sa iyo lang sinabi ang mga ito ng isang tao, dapat mong tanggihan ang mga ito. Kung sasabihin niya ang mga ito sa gitna ng ibang tao, hindi mo lang dapat tanggihan ang mga ito, dapat mo ring ilantad at himayin ang mga ito—huwag hayaang malihis ang mas marami pang tao. Lalo na sa kaso ng mga isa o dalawang taon pa lang na mananampalataya, o dalawa o tatlong taon, hindi pa rin sila nakakikilatis sa mga usapin ng hantungan, pakikipagtagpo sa Diyos, at pagkakadala paitaas, hindi pa sila nagkakaroon ng interes sa katotohanan, at wala silang landas para sa paghahangad sa katotohanan at paghahangad ng disposisyonal na pagbabago sa pananalig nila. Sa mga gayong sitwasyon, sila ang pinakamadaling nalilihis at naiimpluwensiyahan ng mga tsismis na ito, at kapag nalihis na sila, hindi lubos maisip ang mga kahihinatnan. Para itong pagkonsumo ng lason; kahit na may kontralason, hindi ba't napinsala na ang

katawan mo? Kahit na makaligtas ka, puwede bang balewalain ang paghihirap at pinsala sa katawan mo? Samakatwid, kapag nahaharap sa mga tsismis na ito, dapat mong kilatisin at tanggihan ang mga ito, huwag tratuhin ang mga ito bilang mga kuwento, ni bilang mga totoong pangyayari. Ang ilang tao ay partikular na interesado sa mga tsismis na ito at ipinapalaganap at ipinapakalat nila ang mga ito sa lahat ng lugar, ibinabahagi ang mga ito sa iba na para bang ang mga ito ang katotohanan. Ano ang kalikasan nito? Hindi ba't pagkilos ito bilang mga alipin ni Satanas? Dapat na pungusan at bigyan ng babala ang mga gayong tao. Kung hindi sila magsisisi, dapat silang paalisin. Kung, sa isang punto, matauhan sila at sabihin nila, "Mali ang magpakalat ng mga tsismis; kumilos ako bilang isang alipin ni Satanas, at hindi ko na muling ipakakalat ang mga ito," kapag nagkagayon ay puwede silang isailalim sa obserbasyon: Kung magsisisi sila at magpapakita ng mabuting pag-uugali, puwede silang tanggaping muli sa iglesia nang may kondisyon. Kung babalik ang masama nilang gawi, dapat silang alisin.

Ang mga tsismis tungkol sa gawain ng Diyos ay hindi limitado sa mga ito. Ginagamit ng mga tao ang mga imahinasyon at kuru-kuro nila, pati na ang isipan nila, para magsuri at magsiyasat; sinisiyasat nila ang mga salita ng Diyos at ang iba't ibang propesiya, pati na ang iba't ibang sakuna, tanda, at kaganapan sa lipunan at sa mundo, umaasa pa nga sila sa mga panaginip nila para malayang magkomento sa gawain ng Diyos—nag-iimbento sila ng maraming tsismis. Maraming tao ang hindi regular na nagbabasa ng mga salita ng Diyos, o regular na pinagsusumikapan ang katotohanan, lalong hindi nila regular na pinagsusumikapan ang paghahanap sa mga prinsipyo sa paggawa ng mga tungkulin nila. Sa halip, pinagninilayan nila ang mga tanong na tulad ng, "Paano nagsimula ang pagpapakita at gawain ng Diyos? Sino ang nagsimula ng lahat ng ito? Anong papel ang ginampanan ng mga tao? Anong mga kaganapan ang nangyari?" Sinisiyasat nila ang mga panlabas na penomenong ito, at ang administratibong balangkas ng iglesia, tauhan, at iba pa. Pagkatapos ng lahat ng pagsisiyasat na ito, ibinubuod nila ang lahat ng ito at bumubuo sila ng ilang diumano'y mga panuntunan o penomeno at ipinapakalat nila ang mga ito sa iglesia na para bang ang mga ito ang katotohanan. Kapag ipinapakalat nila ang mga ito, inilalarawan nila ang mga ito sa isang malinaw at detalyadong paraan, at maaari pa ngang isipin ng mga walang pagkilatis na tinatalakay nila ang gawain ng Diyos. Gayumpaman, iniisip ng mga may pagkilatis, "Hindi ba't naglilitanya ka ng walang katuturan at naglalabas ng mga maling paniniwala at mga panlilinlang? Hindi ba't hinuhusgahan mo ang gawain ng Diyos? Hindi ito pagbabahagi ng pagkaunawa at mga karanasan—wala itong kinalaman sa katotohanan. Pag-iimbento ito ng mga tsismis at dapat itong pigilan agad; kung hindi, malilihis ang ilang tao!" Ang mga panlilinlang at maling paniniwalang ito, na maituturing na mga tsismis, ay hindi naaayon sa katotohanan at gumugulo sa pagkaunawa ng mga tao sa katotohanan. Kapag ang akto ng pagpapakalat ng mga tsismis ay lumilitaw sa iglesia, dapat itong pigilan agad.

May ilang tsismis din na mga maladiyablong salita na humuhusga sa gawain ng Diyos. Halimbawa, tungkol sa kung sino ang minamahal ng Diyos, sino ang inililigtas

Niya, at sino ang ginagawa Niyang perpekto, ang ilang tao, gamit ang sarili nilang mababaw na pagkamautak, ay nagmamasid at nagbubuod, sinasabi nila, “Iyong mga nasa mundo na may kakayahan, at iyong mga naglingkod bilang mga opisyal, at iyong mga naging pinuno ng kagawaran o mga CEO ng mga kompanya, kapag pumupunta sila sa sambahayan ng diyos, ay direktang nagiging mga lider o agad na namamahala sa mga pangkalahatang usapin at pananalapi. Ang mga taong ito ang ginagawang perpekto ng diyos.” Hindi ba’t pag-iimbento ito ng mga tsismis? Pag-iimbento nga ito ng mga tsismis. Ano ba ang isang tsismis? Ito ay pagsasalita nang iresponsable, gumagawa ng bulag na mga paghuhusga, at pagbubuo ng mga kongklusyong walang batayan, sa paraang hindi naaayon sa mga katunayan; pawang tsismis ang mga salitang ito. Sinasabi ng ilang tao, “Si Ganito-at-ganyan ay naghandog ng sampu-sampung libong yuan. Malaki ang pananalig niya, makapapasok siya sa kaharian.” Dahil dito, iyong mga walang pera ay nagiging negatibo at nababagabag; sinasabi nila, “Bagama’t marami-rami na rin akong inihandog, hindi ito katumbas sa inihandog nila nang isang beses. Ibig sabihin ba nito ay hindi ako maliligtas at magagawang perpekto? Ayaw ba ng Diyos sa isang tao na katulad ko?” Pagkatapos, sinasabi ng iba na nag-iimbento ng mga tsismis, “Hindi makapapasok sa kaharian ang mayayaman; gusto ng diyos ang mahihirap.” Nagiging masaya ang mahihirap na tao na iyon: “Bagama’t hindi ako nakapaghandog ng maraming pera, puwede pa rin akong makapasok sa kaharian, habang ang mayayaman ay naiiwan.” Anuman ang sinasabi niyong mga nag-iimbento ng mga tsismis, nakaiimpluwensiya pa rin ito sa mahihirap na tao; hindi nila makilatis ang katunayan na pawang mga tsismis at maladiyablong salita lang ang mga ito. Bakit ganito? Dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan at wala silang pagkilatis, kaya palagi silang nalilihis. Pawang kapwa mga diyablo iyong mga nag-iimbento ng mga tsismis at iyong mga nagpapakalat ng mga ito. Gaano man karami ang sinasabi nila, hindi mo alam kung aling mga salita ang totoo at kung alin ang huwad, kung saan ba mismo nanggagaling ang mga salitang ito, ano ba ang mismong mga motibo nila sa pagpapakalat ng mga tsismis na ito, at anong mga layon ang inaasahan nilang makamit. Kung ang isang tao ay hindi makilatis ang mga tsismis na ito at bulag niyang tanggapin at ipakalat ang mga tsismis, hindi ba’t nagiging isa siyang hangal dahil doon? Hindi ba’t ang isang hangal ay tinatawag ding isang imoral na tao? Bagama’t hindi elegante ang salitang ito, tingin Ko ay nababagay ito. Bakit ito nababagay? Dahil iresponsableng nagsasalita ang mga gayong tao. Kaswal silang nagpapakalat ng mga tsismis, walang-ingat na bumubuo ng mga kongklusyon at nag-iimbento ng mga tsismis batay sa mga partikular na penomeno, at pagkatapos ay kaswal na ipinapakalat ang mga tsismis na ito at inilalarawan ang mga ito nang kapani-paniwala na para bang mga totoong pangyayari ang mga ito—bilang resulta, nakaaapekto at nakagugulo ito sa ilang tao. Hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos o hindi nila nauunawaan ang katotohanan; ginugugol nila ang mga araw nila sa pagpapakalat ng mga tsismis at pagsasalita ng walang katuturan sa loob ng iglesia. Ngayong araw, nakikita nila ang isang taong

naghahandog ng marami at sinasabi nilang maliligtas ang taong iyon. Bukas, nakikita nila ang isang taong nakulong at hindi naging Hudas, at sinasabi nila, “Ang taong iyon ay kaisa ng puso ng diyos. Makapapasok siya sa kaharian at magkakaroon ng magandang hantungan. Sa hinaharap, pamamahalaan niya ang dalawampung lungsod sa sambahayan ng diyos; tayong mga karaniwang sundalo lang ay hindi maikukumpara sa kanila.” Hindi ba’t maladiyablong pananalita ito? Hindi ba’t mga tsismis ito? (Oo.) Anuman ang mga motibo at layon ng mga tao na nagsasabi ng mga salitang ito, hindi ba’t maaapektuhan at magugulo nito ang ilang tao? Ang ilang tao ay may maliit na pananalig, at kapag naririnig nila ang mga tsismis at maladiyablong salitang ito, nagsisimula silang magnilay-nilay: “Maliligtas ba ako? Nalulugod ba sa akin ang Diyos?” Sa puso nila, iniisip nila ang mga bagay na ito nang buong araw, nag-aalinlangan at nag-aalala tungkol sa mga ito. Dahil sa walang basehang kalokohan ng mga nag-iimbento ng mga tsismis, nararamdaman nilang wala silang pag-asang maligtas, kaya lumalapit sila sa Diyos at nagdarasal: “Hindi Mo ba ako mahal, o Diyos? Napakarami ko nang tinalikuran para sa Iyo. Kailan ba Kita mapalulugod?” Punong-puno sila ng mga hinanakit. Walang nangyari, kaya saan nagmumula ang mga hinanakit na ito? Ang mga ito ay dulot ng mga tsismis na iyon—ang mga indibidwal na ito ay nalason at bumagsak. Wala silang nararamdamang anumang pagsisisi o pagkakasala para sa anumang nabunyag nilang mga tiwaling disposisyon o anumang mga pagsalangsang na nagawa nila, hindi sila kailanman umiiyak dahil dito—kahit ni isang luha—pero kapag naririnig nila na sinasabi ng mga nag-iimbento ng mga tsismis na wala nang pag-asa ang mga tulad nila na maligtas, agad silang nababalisa. Hindi ba’t naapektuhan sila? Naapektuhan at nagulo sila. Ang mga taong ito ay kulang pa sa tayog, hindi nakauunawa sa katotohanan, at napakahangal. Nakikita niyong mga nag-iimbento ng mga tsismis ang mga gayong tao bilang mga madaling paglaruan kaya nag-iimbento sila ng ilang tsismis para linlangin ang mga taong ito. Ngayon, sinasabi nilang may pag-asa kang maligtas, kaya masaya ka; bukas, sinasabi nilang wala kang pag-asang maligtas, kaya umiiyak at nababalisa ka. Bakit mo sila pinapakinggan? Bakit palagi ka nilang napipigilan? Sila ba ang may huling salita? Sa pinakamalala, mga payaso lang sila. Kahit ang kapalaran nila ay nasa mga kamay ng Diyos, kaya anong mga kalipikasyon ang mayroon sila para suriin ang iba? Anong mga kalipikasyon ang mayroon sila para sabihin kung sino ang maliligtas at sino ang hindi, o kung anong uri ng mga tao ang magagawang perpekto at kung anong uri ang hindi? Nauunawaan ba nila ang katotohanan? Alin sa mga salita nila ang naaayon sa mga layunin ng Diyos at sa mga salita ng Diyos? Wala ni isang salita nila ang naaayon sa mga salita ng Diyos, kaya bakit mo sila pinaniniwalaan? Bakit ka nila nagugulo? Hindi ba’t dulot ito ng kahangalan? (Oo.) Dulot man ito ng kahangalan at kamangmangan o dahil masyadong maliit ang tayog mo at hindi mo nauunawaan ang katotohanan, ano’t anuman, ang mga nagpapakalat ng mga tsismis sa iglesia ang pinakakasuklam-suklam. Dapat silang kilatisin, ilantad, at pagkatapos ay pigilan o paalisin.

Sinasabi ng ilang tao, “Tingnan mo si Ganito-at-ganyan, na may kaaya-ayang hitsura; pinili siya para maging isang lider ng iglesia. Si Ganito-at-ganyan ay umuunlad sa lipunan, lahat ng nakakakita sa kanya ay gusto siya; pagkatapos niyang manampalataya sa diyos, gusto rin siya ng mga kapatid, at gusto rin siya ng diyos.” May kahit isang tamang pahayag ba sa mga salitang ito? (Wala.) Bakit? (Hindi tumutugma ang mga ito sa katotohanan.) Tama, hindi tumutugma sa katotohanan ang mga salitang ito, pawang mga maladiyablong pananalita ang mga ito. Sinasabi ng ilan, “Ang pamilya ni Ganito-at-ganyan ay mayaman, maganda ang kalagayan sa buhay, at maalam sila. Kaya, sa sambahayan ng diyos, sila ang nangangasiwa sa pananalapi at mga pangkalahatang usapin. Kapaki-pakinabang sila at kaya nilang akuin ang tungkuling ito. Ito ay ordinasyon ng diyos.” Dahil ba sa pagdaragdag ng “ordinasyon ng diyos” ay tumutugma na sa katotohanan ang pahayag na ito? Hindi ba’t maladiyablong pananalita ito? Ang mga gayong maladiyablong pananalita ay kolektibong tinatawag na mga tsismis. Anumang iresponsableng pahayag na hindi tumutugma sa mga katunayan, na kumokontra sa mga katunayang inorden ng Diyos, ay mga walang ingat na salita at walang batayang kongklusyon; pawang mga tsismis ang mga gayong pahayag. Bakit inilalarawan bilang tsismis ang mga ito? Dahil ang mga pahayag na ito, kapag nailabas na, ay makagugulo at makapipinsala sa normal na pag-iisip at mga layon ng paghahangad ng ilang tao, kaya inilalarawan ang mga ito bilang mga tsismis. Ayon sa mga salita ng Diyos, sinasabi lang ng Diyos na ang lugar ng kapanganakan, pinagmulang pamilya, hitsura, natapos na pag-aaral ng mga tao, at iba pa ay inorden ng Diyos; hindi Niya kailanman sinabi sa mga tao na ang hitsura, panlipunang pinagmulan, o mga likas na kondisyon ng anumang kategorya ng mga tao ay mga kondisyon para mapagpala. Ang tanging pamantayan na hinihingi ng Diyos sa mga tao ay na magawa nilang hangarin ang katotohanan at makamit ang pagpapasakop sa Diyos. Ito ang pinakamahalaga. Kung hindi tahasang nagsasaad ng isang bagay ang mga salita ng Diyos, at produkto lang ito ng mga personal na imahinasyon o haka-haka ng mga tao, itinuturing ding mga tsismis ang mga gayong pahayag. Palaging gustong husgahan ng mga tao kung pagpapalain ba ang isang tao batay sa mga obserbasyon at pagkaunawa nila, at dagdag pa rito, batay sa mga sarili nilang kuru-kuro at imahinasyon. Pagkatapos, inilalabas nila ang mga panlilinlang na ito para impluwensiyahan ang paghahangad ng iba sa katotohanan, basta-bastang pinagpapasyahan kung sino ang maliligtas at sino ang hindi, kung sino ang mga tao ng Diyos, at sino ang mga trabahador. Mga tsismis ang lahat ng ito. Tungkol sa mga tsismis, puwede rin nating tawagin ang mga ito na mga maladiyablong salita. Anuman ang uri ng mga tsismis o maladiyablong salita ang lumitaw, dapat agad na kumilos ang mga lider ng iglesia para pigilan at limitahan ang mga ito; siyempre, kung may sinuman sa mga kapatid ang may pagkilatis, dapat din silang kumilos para himayin at kilatisin kung saan nagmumula ang mga tsismis at kung ano ang kalikasan ng mga ito. Kapag nagkamit ng pagkaunawa ang mga kapatid sa mga bagay na ito, maaari silang tumindig para pabulaanan at pasinungalingan ang mga tsismis na ito, at limitahan

din iyong mga nagpapakalat ng mga tsismis, sama-samang tumututol laban sa kanila. Paano nila ito dapat na gawin? Sa pamamagitan ng hayagang pagtuligsa sa mga tao na iyon sa harap ng lahat: “Ang sinasabi mo ay pawang mga tsismis at maladiyablong pananalita, hindi ito tumutugma sa mga salita ng Diyos, ni hindi ito tumutugma sa mga pangangailangan namin. Kung patuloy kang magpapakalat ng mga tsismis sa kabila ng mga paalala, papaalisin ka namin, para mawalan ka ng pagkakataong mag-imbento ng mga tsismis at magdulot ng mga kaguluhan sa iglesia!” Kumusta ang ganitong pagsasagawa? (Mabuti.) Ang paggawa nito sa ganitong paraan ay tumutugma sa mga katotohanang prinsipyo. Kung makikipagbahaginan ka sa mga personal mong pagkaunawang batay sa karanasan, nagsasabi ng mga bagay na nakapagpapatibay sa mga tao, kahit paano ka magsalita ay ayos lang. Puwede mong gamitin ang anumang salitang gusto mo, pormal na wika man o kolokyal; lahat ito ay pinapahintulutan. Ang tanging hindi mo puwedeng gawin ay magpakalat ng mga tsismis.

E. Ang Pinsalang Idinudulot ng Walang Batayang mga Tsismis

Ang mga tsismis na ipinapakalat sa loob ng iglesia ay hindi lang tungkol sa pagtatatwa sa Diyos o paghusga sa gawain ng Diyos; may iba ring uri ng mga tsismis. Kailangang makilatis at mahimay ang mga tsismis na ito, at dapat ding pigilan at limitahan ang mga ito. Sa madaling salita, tiyak na walang naidudulot na mabuti ang mga tsismis; wala itong idinudulot na pakinabang sa mga tao. Sinasabi ng ilang tao, “Gusto kong makinig sa mga tsismis para malaman ko kung ano ba ang sinasabi ng mga ito, para magkamit ako ng pagkilatis at karunungan mula sa mga ito.” Kung tunay na may kaunti kang abilidad na kumilatis at hindi ka takot na magulo ng mga tsismis, puwede kang makinig, pero ano ang magiging mga kahihinatnan? Kung malilito ka at magsisimula kang pagdudahan ang Diyos at ang gawain ng Diyos, mapanganib iyan; ibig sabihin nito ay nalihis ka na. Kung hindi ka makakilatis at sa halip ay nalihis ka, hindi ba’t problema iyon? May ganoong tayog ka ba? Iniisip mong may pananalig ka, pero nauunawaan mo ba ang katotohanan? Kung hindi mo nauunawaan ang katotohanan, hindi tunay ang pananalig mo, at malilihis ka pa rin. Kung may nauunawaan kang kaunting katotohanan, may kaunting tunay na kaalaman sa Diyos, at kaya mong kilatisin at labanan ang mga tsismis na ito, maaari kang magkamit ng karunungan mula sa pakikinig sa mga ito. Kung tingin mo ay may pananalig ka lang, pero ang totoo, hindi pa tunay na tayog ang pananalig na ito, at hindi mo pa nauunawaan ang katotohanan, sinasabi Ko na magiging napakahirap para sa iyo na talagang magkamit ng pagkilatis at karunungan mula sa mga tsismis. Saan nanggagaling ang mga tsismis? Nanggagaling ang mga ito kay Satanas. Sinasamantala ni Satanas ang bawat butas at sinusunggaban nito ang bawat pagkakataon para maging mapili sa mga pariralang ginagamit sa mga salita ng Diyos at para makahanap ng isang bagay na magagamit nito bilang kalamangan sa mga salita ng Diyos, ginagamit ang mga salita ng Diyos nang wala sa konteksto. Tila may batayan ito, pero ang totoo, ginagawa ito nang wala sa konteksto

para ilihis ang mga tao. Matapos marinig ang mga tsismis na ito, iniisip niyong mga hindi nakakaunawa sa katotohanan: “May batayan sa mga salita ng Diyos ang sinasabi nila. Tiyak na tama ito. Hindi naman siguro ito tsismis, hindi ba?” Bilang resulta, nalilihis sila. Ang ilang tsismis ay halata at madaling makilatis. Gayumpaman, mahirap makilatis ang ilang tsismis; sa panlabas, tila naaayon sa mga katunayan ang mga ito, pero hindi ang diwa ng mga ito. Huwag isipin na dahil lang paimbabaw na naaayon ang mga tsismis na ito sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos ay tama na ang mga ito. Sa katunayan, marami sa mga pahayag na ito ay mga walang kabuluhang teorya, mga patibong ang mga ito, at walang idinudulot na pagpapatibay o pakinabang ang mga ito sa mga tao. Dapat na tanggihan ang lahat ng pahayag na ito. Dahil magkakaiba ang antas ng pagkaunawa ng mga tao sa mga salita ng Diyos, at iba rin ang mga konteksto ng pagsasalita ng Diyos, ang bulag na paglalapat at pagbibigay-interpretasyon sa mga salita ng Diyos ang pinakamalamang na magdulot ng mga pagkakamali. Madalas na nililihis ni Satanas ang mga tao sa pamamagitan ng paggamit ng mga salita ng Diyos nang wala sa konteksto at pagbibigay ng maling interpretasyon sa mga ito. Anumang mga pagkondena sa gawain ng Diyos na batay sa Bibliya o sa mga salita ng Diyos ay panlalansi ni Satanas, ang paraan nito sa panlilihis sa mga tao; mga patibong ang mga ito, at dapat na tanggihan ang mga gayong pahayag. Sa panlabas, ang mga tsismis ay isa o dalawang komento lang, o mangilan-ngilang komento; hindi sapat ang mga ito para katakutan, at hindi dapat mangamba sa mga ito. Ang dapat na katakutan ay ang mga tsismis na bumubuo ng mga kongklusyon batay sa Bibliya o sa katotohanan nang wala sa konteksto. Ito ang may pinakahigit na kakayahang ilihis ang mga tao; ito ang pinakanakakagulo sa isipan ng mga tao. Dahil dito ay nagkakamali ang mga taong walang pagkilatis. Tanging iyong mga nakakaunawa sa katotohanan ang makakakilatis sa mga gayong mapanlihis na maladiyablong pananalita. Halimbawa, hinahanap ng ilang tao ang ilang salita ng Diyos para gamiting batayan para sabihing minamahal ng Diyos ang ganitong uri ng mga tao at hindi Niya minamahal ang ganoong uri, na inililigtas ng Diyos ang ganitong uri ng mga tao at hindi Niya inililigtas ang ganoong uri ng mga tao, na ang ganitong uri ng mga tao ay itinitiwalag ng Diyos, at na ang ganoong uri ay walang kabuluhan para sa Diyos, at kung ano-ano pa. Hindi ba’t mga kongklusyon ang mga pahayag na ito? Hindi talaga tumutugma sa mga salita ng Diyos ang mga kongklusyong ito. Ang mga batayang nahahanap nila ay talagang ginagamit nang wala sa konteksto; nabibilang ang mga ito sa ibang konteksto at ibang pahayag ang mga ito. Ito ay lubusang maling interpretasyon. Hindi nila nakikilatis ang diwa, at basta-basta nilang inilalapat ang mga regulasyon. Pero iyong mga walang pagkilatis ay nalalason at nalilihis pagkatapos na marinig ang mga panlilinlang na ito, nagiging negatibo sila sa puso nila, iniisip nila na dahil batay sa mga salita ng Diyos ang sinabi, tiyak na tumpak ito. Hindi nila maingat na binabasa ang mga salita ng Diyos pagkatapos para mahanap ang mga mali sa mga panlilinlang na ito, sa halip ay ganap silang naniniwala na totoo ang mga ito. Hindi ba’t nalilihis sila? Kung walang nakikipagbahaginan sa kanila na

nakakaunawa sa katotohanan, napakamapanganib nito. Sa pinakamababa, maaaring maging negatibo ang mga taong ito sa loob ng anim na buwan hanggang isang taon; hindi lang ito nakakaantala sa kanilang buhay pagpasok, kundi kapag umatras sila at tumigil sa pananampalataya, ganap silang mawawasak at tuluyan nang mawawala sa kanila ang pagliligtas ng Diyos. Samakatwid, ang mga taong may mababang tayog na hindi nakakaunawa sa katotohanan ay mas malamang na mailihis ni Satanas! Tanging iyong mga nakakaunawa sa katotohanan ang ligtas at matatag. Kung isang araw ay talagang makatagpo mo ang isang taong nagpapakalat ng mga tsismis para ilihis ang mga tao, ang pinakaepektibong paraan ay ang agad na maghanap ng isang taong nakakaunawa sa katotohanan para makipagbahaginan sa kanya; saka ka lang masasalba mula sa sitwasyong ito. Ang paghingi ng tulong mula sa mga walang espirituwal na pang-unawa na bulag na naglalapat ng mga regulasyon ay hindi lang bigong makakalutas sa problema kundi lalo pang maglilihis sa iyo. Kaya, ang pagkalihis ay hindi lang nangyayari sa relihiyon—kahit na nananampalataya ka sa Diyos at namumuhay ng buhay iglesia, kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, puwede ka pa ring madaling malihis. Kahit na tatlo hanggang limang taon ka nang nananampalataya, o pito hanggang walong taon, kung hindi mo pa nakakamit ang katotohanan, nanganganib ka pa ring malihis; sa partikular, iyong mga madalas na may mga kuru-kuro at madalas na negatibo ay pinakamalamang na malihis at magkanulo sa Diyos anumang oras. Sapagkat nililibot ni Satanas ang daigdig gaya ng isang umaatungal na leon, naghahanap ng mga taong malalamon; isa itong katunayan. Sino ang Satanas na ito? Ito ay ang lahat ng tutol sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan, kabilang na ang mga anticristo, mga huwad na lider, iyong mga katawa-tawang tao, at iyong mga nanlilihis sa iba—lahat ng ito ay mga Satanas. Ang mga taong ito ay naglilibot sa lahat ng lugar, nililihis at ginugulo ang hinirang na mga tao ng Diyos saan man sila magpunta, kaya lahat sila ay mga diyablong lumalaban sa Diyos. Ang hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat na maging partikular na mapagbantay para matiyak na hindi sila mailililihis at kaya nilang manindigan.

Hindi maikakaila na sa iglesia, ang ilang bagong mananampalataya o iyong mga may napakahinang kakayahan, na walang abilidad na makaarok sa mga salita ng Diyos, ay madalas na nalilihis, naiimpluwensiyahan, at nagugulo ng iba't ibang tsismis. Iyong mga nag-iimbento ng mga tsismis ay madaling makakapagpabagsak sa isang grupo ng mga tao gamit lang ang isang kaswal na kongklusyon. Ang mga salita at pahayag na walang ingat nilang ibinubulalas ay maaaring magdulot sa ilang tao ng pagiging negatibo, panghihina, at kawalan ng ganang gumampan sa tungkulin nila. Kapag tumatawag ang sambahayan ng Diyos, puno ng takot ang mga taong ito, naghahanap ng kung ano-anong dahilan at palusot para tumanggi at makaiwas. Malinaw, ano bang papel ang ginagampanan sa iglesia ng mga nag-iimbento ng mga tsismis? Kumikilos sila bilang mga alipin ni Satanas, walang duda. Halimbawa, sinasabi ng ilang tao, "Kailangan mong magkaroon ng alternatibong plano kapag ginagawa mo ang tungkulin mo. Tinatawag ka ng sambahayan ng diyos para gumawa ng isang tungkulin, at kung

hindi mo ito gagawin nang maayos, maaaring hindi ka na gamitin ng sambahayan ng diyos anumang oras. Sa panahong iyon, kung uuwi ka, mahihirapan kang makaraos. Wala nang susuporta sa iyo!" "Mapagmahal" ba itong pakinggan? Tumutugma ito sa mga sentimyento ng tao at tila puno ng pagmamahal at malasakit, pero may naririnig ka bang anumang pagsasaalang-alang para sa puso ng Diyos sa mga salitang ito? Nagbibigay ba ito ng anumang suporta, panustos, tulong, o pagpapalakas-loob sa mga tao? (Hindi.) Ang pagsasabi sa mga taong maghanda ng alternatibong plano—hindi ba't paghadlang ito sa mga tao? Ano ang ibig nilang sabihin dito? "Kailangan mong mag-ingat; maaaring kalabanin ka ng diyos!" Ito ang lasong itinatanim nila sa mga tao. Matapos itong marinig, iniisip ng mga tao, "Tama iyon, paanong naging napakahangal ko? Muntik ko nang ibenta ang bahay ko—kung hindi ko ginawa nang maayos ang tungkulin ko at natanggal ako, ni wala na akong bahay na mababalikan. Buti na lang, pinaalalahanan nila ako, kung hindi, may nagawa na sana akong kahangalan." Kay "bait" naman ng paalalang ito, pero napakaraming lason nito, at malalim ito! Nakarinig na ba kayo ng mga gayong tsismis? Kung pakikinggan ay tila napakabuti nila sa mga tao, napakamapagsaalang-alang, nang may napakadakilang "pagmamahal." Ang mga taong ito ay hindi mga kamag-anak ni kaibigan ng mga kinakausap nila, hindi sila magkadugo—dahil lang nananampalataya silang lahat sa Diyos kaya nagagawa ng mga taong ito na magkaroon ng dakilang "pagmamahal" para sa mga nakakausap nila. Iniisip ng mga tao, "Ito talaga ang proteksiyon ng Diyos! Mas mabuti siguro na pag-isipan ko muna ang mga bagay-bagay. Kung palagi akong pabasta-basta kapag ginagawa ko ang tungkulin ko, ano ang gagawin ko kung mapaalis ako? Kaya, kailangan kong mag-ingat kapag ginagawa ang tungkulin ko; dapat akong gumawa ng higit pang gawain na magpapamukhang mabuti ako, umiwas makagawa ng mga pagkakamali, at kahit na magkamali man ako, hindi ko puwedeng hayaang malaman ng iba. Sa ganoong paraan, hindi ako mapapaalis, hindi ba? Kahit pa mapaalis ako, ayos lang; may alternatibo akong plano, may ipon ako, at naroon pa rin ang bahay ko. Hindi ba't makatarungan na hindi isinaalang-alang ng Diyos ang mga damdamin ng mga tao at hindi Siya bumabatay sa mga damdamin ng laman? Sa kabila nito, ano ba ang dapat na katakutan? Ang mga tao ay bumabatay sa mga damdamin nila, may pagmamahal saanman sa mundo ng tao!" Ang isang "mapagmahal" na pahayag na ito ay lumilikha ng "pagkakaibigan" sa pagitan ng mga tao, pero saan nito inilalagay ang Diyos? Ginagawa nitong pangatlo o pang-apat na priyoridad ang Diyos, ginagawa Siyang tagalabas, na para bang hindi mapagkakatiwalaan ang Diyos at tanging ang mga tao ang karapat-dapat na pagkatiwalaan, tanging ang mga tao ang mapagsaalang-alang sa iba. Ang isang pahayag na ito ay nagbubunga ng napakalaking epekto, labis itong "napapanahon"! Gusto ba ninyong nakakarinig ng mga gayong salita? Bagama't alam ninyo na may nakatagong kasamaan sa mga salita nila, umaasa pa rin kayo na may makapagbibigay ng pahiwatig, makakatulong sa inyo, makapagbibigay sa inyo ng babala mula sa isang taong may karanasan na tungkol doon kapag hindi ninyo alam ang naghihintay sa hinaharap,

makakapagsabi ng taos-pusong salita sa inyo. Labis na “mahalaga” ang pahayag na ito, labis na “importante”! Hindi ba’t ito ay ganap na paniniwala sa mga salita nila? Ang “walang-ingat” na mga salita ng nag-iimbento ng mga tsismis na ito ay nakapagpaniwala ng mga tao at nagkanulo sa Diyos. Anong klaseng pagkilos ito? Disente ba ito? (Hindi.) Anong uri kaya ito ng tao sa palagay ninyo? Sa mga mata ng mga tao, isa siyang mabuting tao, isang mabait na tao, pero sa mga mata ng mga nakakaunawa sa katotohanan, magulo ang isip ng taong ito. Batay sa mga kilos at pag-uugali ng taong ito, ganap siyang kumikilos bilang alipin ni Satanas, isa siyang tunay na diyablo! Tumpak bang sabihin ito? (Oo.) Napakatumpak nito! Wala ni katiting na pagkakamali. Hinihikayat niya ang lahat na maging mapagbantay laban sa Diyos, kontrahin ang Diyos, at wala siyang sinasabi ni isang salitang makakapagpatibay sa mga tao. Bakit nga ba? Dahil puno ng pagkamapanlaban at pagkamuhi sa Diyos ang puso niya, ang kalikasang diwa niya ay kay Satanas, at likas siyang lumalaban sa Diyos at kumokontra sa Diyos. Sinasabi ng ilang tao, “Likas siyang kumokontra sa Diyos, pero bakit sumusunod pa rin siya sa Diyos?” Para magkamit ng mga pagpapala! Gusto niyang manipulahin ang kalalabasan ng pagiging pinagpala mula sa sambahayan ng Diyos, pero ayaw niyang magbayad ng anumang halaga o hangarin ang katotohanan. Gusto rin niyang pahinain ang Diyos, guluhin ang hinirang na mga tao ng Diyos, at palayuin ang mga ito sa Diyos at ipagkanulo ng mga ito ang Diyos. Walang duda na isang tunay na diyablo ang gayong tao. Pero ang ilang hangal na tao ay palaging nabibigong makakilatis at makakilala sa maladiyablong mukha ng mga gayong tao. Kaya nilang tanggapin ang lahat ng maladiyablong salita na naaayon sa mga kuru-kuro ng tao at sa mga pangangailangan ng mga damdamin ng laman na sinasabi ng mga taong ito. Sa ilalim ng panlilihis ng mga taong ito, maaari nilang ipagkanulo at itakwil ang Diyos sa anumang sandali—kahit na ayaw nilang itakwil Siya, wala na ito sa kontrol nila. Napakatraydor at napakamapanlinlang ni Satanas, ng mga diyablo, at ng mga alipin ni Satanas! Sila mismo ay lumalaban sa Diyos at kumokontra sa Kanya, napopoot sila sa katotohanan at hindi nila ito tinatanggap, at gusto pa nilang pigilan ang mas maraming tao na sumunod sa Diyos at maghangad sa katotohanan. Sa sambahayan ng Diyos, ginagampanan ng mga taong ito ang papel bilang kasangkapan ni Satanas, nagsasalita at kumikilos sila para kay Satanas. Nagsisilbi silang hambingan, partikular na ginagamit para ang mga tao ay lumago sa pagkilatis. Kaya, marami sa kanilang mga sinasabi ay maaaring mukhang hindi masyadong problematiko sa panlabas. Madalas pa nga nilang sinisipi ang mga salita ng Diyos, naghahanap ng ilang ebidensiya at kasabihan sa mga salita ng Diyos, at pagkatapos ay nagdaragdag sila ng ilang palamuti, pinalalabas nila na labis na tumutugma sa mga salita ng Diyos ang sinasabi nila. Pero isang bagay ang tiyak: Taliwas sa katotohanan ang sinasabi nila. Kapag narinig mo ang sinasabi nila, maaaring tila tama ito, pero kung maingat mo itong ikukumpara sa mga salita ng Diyos, makikilatis mo na sa pangunahin ay hindi ito tumutugma sa katotohanan. Lahat ng mukhang tama ngunit mapanlinlang na salitang sinasabi nila ay nagmumula kay Satanas. Sinusubok nila ang Diyos, naghahanap sila

ng kalamangan mula sa mga salita ng Diyos, binibigyan ng maling interpretasyon ang mga salita ng Diyos para kondenahin ang Diyos at ilihis ang hinirang na mga tao ng Diyos, na nagdudulot na ang mga ito ay magkaroon ng haka-haka, magkamali ng pagkaunawa, magkanulo, at magtakwil sa Diyos, at iba pa. Samakatwid, bukod sa mga anticristo at masasamang tao, iyong mga nag-iimbento ng mga tsismis para ilihis ang iba ay kabilang din sa kategorya ng mga tao sa iglesia na dapat kilatisin, bantayan, at alisin.

F. Pagkilatis sa mga Taong Nagpapakalat ng Walang Batayang mga Tsismis at ang mga Prinsipyo sa Pangangasiwa sa Kanila

Paano natin dapat kilatisin iyong mga nasa iglesia na nag-iimbento ng mga tsismis para ilihis ang iba? Una, iyong mga nag-iimbento ng mga tsismis ay tiyak na hindi naghahangad sa katotohanan; tutol sila rito. Dagdag pa rito, madalas silang nag-iimbento ng lahat ng uri ng maladiyablong salita at katawa-tawang pahayag at ginagamit nila ang mga ito para ilihis at akitin ang ilang kapatid na mababa ang tayog, mababaw ang pundasyon, at hindi nakakaunawa sa katotohanan. Ang epektong nakakamit nila ay ang panggugulo at paninira sa normal na kaayusan ng buhay iglesia, panggugulo sa normal na paghahangad ng mga tao at pagliligaw sa mga ito mula sa tamang landas, na nagdudulot na maging negatibo at mahina ang mga tao, at nagdudulot pa nga na talikuran nila ang mga tungkulin nila at tumigil sila sa pananampalataya sa Diyos—lalo silang sumasaya dahil dito. Samakatwid, ang pagtawag sa mga nag-iimbento ng mga tsismis bilang mga alipin ni Satanas ay isang ganap na tumpak na paglalarawan; ito ang tunay na mukha at diwa ng mga gayong tao, at madali itong makilatis. Ang ilang tao ay may kaunting katwiran; bagama't hindi nila mismo minamahal ang katotohanan, hindi sila nagpapahayag ng mga opinyon o nanghihimasok sa kung paano hinahangad ng iba ang katotohanan. Puwedeng hindi pansinin ang mga taong ito. Pero ang ilang tao ay naiinggit at namumuhi sa mga naghahangad sa katotohanan; palagi nilang hinuhusgahan at binabatikos ang mga ito habang nagkikimkim sila ng mga partikular na intensiyon, at gumagamit pa nga sila ng ilang kalamangan para kondenahin ang mga ito. Dapat maging mapagbantay laban sa mga gayong tao. Bagama't maaaring tila tama, lohikal, at naaayon sa literal na kahulugan ng mga salita ng Diyos ang sinasabi ng mga taong ito, kapag maingat na kinilatis, karamihan dito ay mga kasinungalingan at tsismis, ganap na walang katuturan. Dapat na kilatisin ang mga mukhang tama ngunit mapanlinlang na tsismis at kasinungalingang ito. Sinasabi ng ilang tao, "Kaunting panahon pa lang akong nananampalataya sa Diyos, kaunti pa lang ang nabasa kong mga salita ng Diyos, at hindi ko nauunawaan ang katotohanan. Paano ko makikilatis ang mga tsismis at kasinungalingan?" Ang tanging paraan ay, mula ngayon, mas tutukan ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at higit na hanapin ang katotohanan sa mga salita ng Diyos, hayaan na mag-ugat ang mga salita ng Diyos sa puso mo. Sa patnubay ng mga salita ng Diyos at sa pagtingin sa mga usapin nang ayon sa katotohanan, magkakaroon ka ng pagkilatis. Ang mga tsismis na ipinapakalat ng mga taong ito ay walang magiging epekto

sa iyo at hindi makakagulo sa normal mong paghahangad. Kahit ano pa ang mga tsismis na pinag-uusapan nila o anumang walang katuturang bagay ang sinasabi nila, hindi ka matitinag pagkatapos mo itong marinig, ni magiging negatibo at mahina, at lalong hindi ka magkakaroon ng anumang maling pagkaunawa tungkol sa Diyos; tututok ka lang sa paghahangad sa tamang direksiyon. Nangangahulugan ito na may paglaban ka—ang mga gayong alipin ni Satanas ay wala nang magiging anumang epekto sa iglesia. Walang madaling paraan para matutong kumilatis ng mga tsismis. Ang tanging paraan ay ang mas makinig ng mga sermon, mas magbasa ng mga salita ng Diyos, at mas makipagbahaginan sa katotohanan. Kapag nagkamit ka ng pagkaunawa sa katotohanan, likas kang magkakaroon ng pagkilatis. Ano ang layon ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos at pakikipagbahaginan sa katotohanan? Ito ay para maunawaan ang katotohanan at makilatis ang mga tsismis at panlilinlang na iyon sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos. Kapag nakita mong ang mga tsismis na iyon ay taliwas at kontra sa mga salita ng Diyos, ganap na salungat sa katotohanan, kusang mawawasak ang mga tsismis na ito. Siyempre, sinasabi ng ilang tao, “Hindi ko pa pinagsumikapan ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at hindi ko nauunawaan kung ano ba ang katotohanan sa mga salita ng Diyos. Isang bagay lang ang natatandaan ko: Sa aspekto ng pag-asal ko, kailangan kong sumunod sa karamihan. Anuman ang itinatakwil ng karamihan ng tao, itinatakwil ko rin; anuman ang tinatanggap ng karamihan ng tao, tinatanggap ko rin. Sumusunod lang ako sa karamihan.” Tama ba ito? (Hindi.) Minsan, mali rin ang karamihan, at ang pagsunod sa karamihan ay nangangahulugan ng paggawa ng pagkakamali kasama nila. Dapat kang matutong sumunod sa mga nakakaunawa sa katotohanan; ito lang ang mabuting paraan.

Ang pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis ay isang bagay na madalas na nangyayari sa iglesia. Bagama’t hindi isang malaking problema ang isyung ito, hindi maliit ang panggugulo at pamiminsala nito sa hinirang na mga tao ng Diyos. Sa pinakamababa, maaari nitong gawing negatibo at mahina ang mga tao; sa pinakamalubha, maaari itong magdulot na lumayo ang mga tao sa Diyos at magkanulo pa nga sa Kanya. Samakatwid, ang pagpapakalat ng mga tsismis ay hindi puwedeng balewalain. Kapag nangyari ito sa iglesia, dapat itong agad na pigilan at limitahan. Kung ang mga lider ng iglesia ay manhid at mapurol ang utak, hindi makagawa ng tunay na gawain, at hindi matukoy ang isyung ito, pero natutukoy ito ng ilang taong may mahusay na kakayahan na naghahangad at nakakaunawa sa katotohanan, dapat na kumilos ang huling grupo para lutasin ang isyung ito. Sa pamamagitan ng paghahanap at pakikipagbahaginan kasama ang maraming tao para magkaroon ng isang kasunduan at makakuha ng kumpirmasyon, kapag natukoy na may mga tsismis na ipinapakalat, dapat hanapin ng mga tao ang katotohanan para lutasin ang isyu. Kung hindi malinaw na isang panlilinlang ang isang partikular na komento, huwag itong bulag na tukuyin. Para sa mga komento na malinaw at walang pag-aalinlangan, na madaling makilatis bilang mga tsismis at panlilinlang, dapat agad na ilantad at himayin ang mga ito para makilatis ng lahat ang mga ito. Kung

hindi mo makilatis kung ang sinasabi ng isang tao ay tsismis o panlilinlang matapos siyang marinig na magsalita ng isa o dalawang pangungusap, dapat mo itong harapin nang maingat at huwag bulag na bumuo ng mga kongklusyon. Hintayin siyang matapos magsalita para malinaw na makakilatis. Kapag nakumpirma nang isa itong tsismis o panlilinlang, dapat agad na pigilan at limitahan ang taong ito. Kung hindi siya mapigilan ng mga paulit-ulit na babala at limitasyon, at patuloy siyang nagpupursige sa pagpapakalat ng mga tsismis, dapat siyang paalisin sa iglesia. Malinaw ba ang prinsipyo at landas kung ano ang dapat gawin at paano magsasagawa kapag natutuklasan ang isang taong nagpapakalat ng mga tsismis sa iglesia? (Oo.)

Ang nilalaman ng mga tsismis ay hindi lang tungkol sa malalaking isyu na nabanggit Ko; may ilan ding tsismis na mga pira-piraso ng impormasyon, tulad ng mga komento tungkol sa pagpupungos, o tungkol sa kung sino ang ginagamit ng sambahayan ng Diyos at sino ang itinitiwalag nito, at iba pang hindi totoong pahayag. Bago lubusang malinis ang iglesia, may mga huwad na lider, anticristo, iba't ibang masasamang tao, mga taong magulo ang isip, mga mangmang na walang espirituwal na pang-unawa—iba't ibang uri ng tao ang nasa loob nito. Ang mga sinungaling at nag-iimbento ng mga tsismis ay pangkaraniwan, at may kung ano-anong uri ng mga tsismis at maladiyablong pananalita sa mga tao. Tungkol sa mga tsismis na ito, sa isang banda, kailangang magkaroon ang mga tao ng normal na katwiran para husgahan ang mga ito; sa kabilang banda, para sa mga mas seryosong tsismis na may kinalaman sa gawain ng Diyos, sa plano ng pamamahala ng Diyos, sa Diyos Mismo, at maging sa mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos at iba pang usapin, kailangang taglayin ng mga tao ang katotohanan para makilatis ang mga ito. Para sa mga panlabas na usapin, kailangang may katwiran ng normal na pagkatao ang mga tao para husgahan ang mga ito. Para sa mga usaping may kinalaman sa gawain ng Diyos at sa katotohanan, kailangang taglayin ng mga tao ang katotohanang realidad at tayog para makilatis ang mga ito. Sa madaling salita, anuman ang uri ng mga tsismis, dapat na kilatisin at itakwil ng mga tao ang mga ito, hindi tanggapin. Siyempre, ang ilang tao ay hindi naghahangad sa katotohanan at namumuhay lang ayon sa mga tsismis na ito. Ngayon, may nagkalat ng isang kasabihan at naimpluwensiyahan nito ang pananaw ng mga tao, at sumunod ang mga taong ito rito. Bukas, may isa pang kasabihan na nakaimpluwensiya ulit sa pananaw ng mga tao at sumunod ang mga taong ito roon. Halimbawa, sinasabi ng ilang lider o manggagawa na iyong mga marunong sumulat ng mga artikulo ng patotoo ay maaaring magawang perpekto, kaya nagsasanay silang magsulat ng mga artikulo, nag-aaral ng pagsusulat, at naghahanap ng mga sanggunian. Kinabukasan, isa pang lider o manggagawa ang nagsasabing ang mga gumagawa ng tungkulin nila ay maaaring maligtas, kaya nagsisimula silang magpakaabala sa paggawa ng tungkulin. Pero gaano man sila kaabala, hindi sila kailanman nagiging balisa o interesado sa pinakamahalagang bagay: ang paghahangad sa katotohanan at buhay pagpasok. Palaging tinatangay ang ilang tao ng iba't ibang buktot na kalakarang nabubuo sa iba't ibang grupo sa iglesia. Ang iba't

ibang tsismis na nabubuo sa mga miyembro ng iglesia ay palaging nanlilihis at nakakaimpluwensiya sa ilang tao. Gayumpaman, may ilan ding taong nananatiling walang pakialam at hindi nagbibigay-pansin sa mga tsismis na ito na naririnig nila. Hindi nila iniintindi ang anumang gawaing ginagawa ng sambahayan ng Diyos; hindi sila interesado sa pananampalataya sa Diyos at hindi sila mga tunay na mananampalataya. Ang mga taong ito ay mga mananampalataya sa pangalan lang. May isa pang grupo ng mga taong medyo mas mabuti; kaya nilang hanapin at tanggapin ang katotohanan, kaya hindi sila naaapektuhan ng mga negatibong bagay at negatibong taong ito. Tanging ang mga may maliit na tayog, walang pundasyon, at hindi talaga naghahangad sa katotohanan ang palaging naiimpluwensiyahan ng iba't ibang kasabihan at komento. Dahil palaging sumusunod ang mga taong ito, palaging may ilan na nag-iimbento ng iba't ibang tsismis para guluhin ang sitwasyon. Pakiramdam nila ay ito lang ang nagpapasigla at nagpapasaya sa pananampalataya sa Diyos, at hindi ito nakakabagot, at ito lang ang paraan para maramdaman nilang mahalaga sila. Ang mga ganitong bagay ay madalas na nangyayari sa mga bagong mananampalataya. Kung ang isang iglesia ay puno ng pagpapakalat ng mga tsismis at pagkalihis ng mga tao, nangangahulugan ito na tiyak na masyadong kakaunti ang mga taong nakakaunawa sa katotohanan sa iglesiang iyon. Sa iglesia, iyong mga nabanggit na tao ay sumusunod sa anumang mga tsismis at anumang panunulsol na ginagawa ng mga taong may masamang motibo, na isang malaking problema. Bahagi nito ay dahil sa mahinang kakayahan at isa rin itong tunay na pagpapamalas ng hindi pagkaunawa sa katotohanan. Karamihan sa sinasabi ng sinumang hindi nakakaunawa sa katotohanan ay hindi praktikal at nahaluan ng mga dumi; sa mas tumpak na pananalita, lahat ito ay katumbas ng mga kasinungalingan. Kung taglay nito ang mga motibo at layon, hindi lang ito isang kasinungalingan kundi, higit pa rito, isa itong pakana ni Satanas at isang sabwatan ng masasamang tao. Samakatwid, karamihan sa sinasabi ng mga taong walang katotohanan ay maladiyablong pananalita at hindi dapat paniwalaan.

Diyan nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa paksa ng pagpapakalat ng walang batayang mga tsismis. Ang usaping ito ng pagpapakalat ng mga tsismis ang pinakanagbubunyag ng mga tao, at hinahayaan nitong makita nang malinaw ang mga pag-uugali ng iba't ibang tao. Dapat ay nauunawaan na ninyo ngayon kung anong saloobin ang dapat taglayin sa mga tsismis at sa mga nagpapakalat ng mga ito, at kung anong mga pamamaraan ang gagamitin para pangasiwaan ang mga ito, tama ba? (Tama.) Kapag nauunawaan na ninyo, kapag muli kayong nakaranas ng mga gayong usapin, dapat ninyong ihambing ang mga ito sa pagbabahaginan natin, at gamitin ang mga pinakatamang pamamaraan para tugunan ang mga isyung ito. Ito ay tumutugma sa mga prinsipyo.

Hulyo 17, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (19)

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikapitong Bahagi)

Ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Buhay Iglesia

Ang mga Prinsipyo sa Pangangasiwa sa mga Taong Nakikibahagi sa mga Di-wastong Ugnayan

Tungkol sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia, hinati natin ang mga ito sa labing-isang isyu sa kabuuan. Noong nakaraan, nagbahaginan tayo sa ikaanim na isyu—ang pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan. Ano ang pangunahing tinutukoy nito? Ang walang habas na pang-aakit sa iba at ang pakikipagrelasyon nang may seksuwal na pagnanasa. Ano ang napagbahaginan tungkol sa aspektong ito? Kapag lumilitaw ang mga gayong tao sa iglesia, paano sila dapat pangasiwaan? Ano ang mga solusyon? Dapat ba tayong magbulag-bulagan at hayaang magpatuloy ito nang hindi nasusuri, o dapat ba nating lutasin ang problema nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Dapat ba natin itong iwasan o dapat ba nating impluwensiyahan ang mga sangkot nang may pagmamahal? Dapat ba tayong makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan o dapat ba natin silang bigyan ng babala at paalisin? Ano ang pinakaangkop na paraan para pangasiwaan ito? (Balaan at paghigpitan ang mga sangkot. Kung hindi sila mapaghihigpitan, paalisin sila.) Paano sila dapat paghigpitan? Madali bang gawin ito? Kapag nangyayari ang mga gayong usapin, kadalasan ay hindi madaling paghigpitan ang mga sangkot. May ilang tao na nakakapansin sa gayong sitwasyon at nararamdaman nilang hindi ito wasto, pero nahihiya silang magsalita. Ang iba naman ay maaaring magpahiwatig nang di-tuwiran tungkol dito, pero hindi naman nakikinig ang mga sangkot. Kumusta ang pagkatao ng lahat ng tao na nagagawang walang habas na mang-akit ng iba? Sila ba ay mga tao na marangal at matuwid? Sila ba ay mga tao na may asal ng mga santo? Sila ba ay mga tao na may dignidad at kahihiyan? (Hindi.) Kung may normal lang na magpapaalala sa kanila gamit ang mga salita o makikipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, malulutas ba nito ang problema? Hindi. Kapag nangyayari ang gayong usapin, ibig sabihin ay matagal na itong umuusbong sa puso nila sa aktuwal. Sa puntong iyon, madali ba itong kontrolin?

Malulutas ba ang problema sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila o pagsubok na impluwensiyahan sila nang may pagmamahal? (Hindi.) Kaya, ano ang pinakamainam na solusyon? Ito ay ang paalisin ang mga gayong tao, ihiwalay sila mula sa mga sinserong nananampalataya sa Diyos at gumagawa ng kanilang mga tungkulin, at huwag silang hayaang patuloy na guluhin at pinsalain ang iba.

Sa kasalukuyan, sa ilang iglesia, walang tigil na lumalabas ang mga insidente ng mga lalaki at babae na nang-aakit sa isa't isa. Basta't magkaroon ng pagkakataon ang mga tao na ito, inaakit nila ang isa't isa, umaasal sila nang walang pakundangan at nang walang anumang kahihiyan. Nabalitaan Ko ang tungkol sa isang lalaki na nang-akit ng maraming babae; hindi siya seryosong nakikipagligawan kundi walang habas na nang-aakit at kumakapit sa sinumang babae na makilala niya. Sinasabi ng ilang tao, "Normal lang naman siyang nakikitungo; ganoon lang talaga siya makitungo." Para sa karamihan ng tao, ang ganoong pakikitungo ay di-nakakapagpatibay, nakakasuklam, at nakakadiri. Hindi ba't problema ito? Mapapatunayan ba nitong hindi tama ang mga gayong ugnayan? Kung ang pagliligawan ng dalawang tao ay hindi lang nakakaapekto sa sarili nilang paggampan ng mga tungkulin kundi pati na rin sa iba, dapat silang paghigpitan. Hindi sila dapat pahintulutang magligawan sa loob ng buhay iglesia, lalo na sa isang iglesiang may tungkuling full-time, dahil nakakaapekto ito sa paggampan ng tungkulin ng iba at nakakasama sa gawain ng iglesia. Kapag kaya na nilang magpokus sa mga tungkulin nila, puwede na silang bumalik sa iglesiang may tungkuling full-time para gawin ang mga tungkulin nila. May ilang tao na hindi seryosong nakikipagligawan kundi walang habas na nang-aakit at kumakapit sa iba, nilalaro ang mga seksuwal na pagnanasa, ginugulo ang buhay iglesia, nakakaapekto sa lagay ng loob ng mga tao, at ginugulo ang iba. Ang ganitong sitwasyon ay maituturing na isang kaguluhan sa gawain ng iglesia at dapat itong lutasin at pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo; dapat ihiwalay at paalisin kaagad ang mga tao na ito. Madali bang pangasiwaan ang problemang ito? Walang sinuman ang dapat pahintulutang manggulo at manggambala sa buhay iglesia at sa gawain ng iglesia, at dapat pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo ang mga gayong isyu. Sinasabi ng ilang tao, "Sa mga sitwasyon kung saan walang ibang gagawa ng mga tungkulin nila kung papangasiwaan sila, hindi sila puwedeng pangasiwaan; dapat ay hayaan na lang silang magpatuloy at mang-akit ng iba gaya ng gusto nila. Paano man sila mang-akit ng iba, dapat itong pahintulutan." May gayon bang tuntunin ang sambahayan ng Diyos? May gayon bang prinsipyo sa pakikipagbahaginan noong nakaraang pagtitipon tungkol sa kung paano pangasiwaan ang mga gayong tao? (Wala.) Kapag nakakaranas ng mga gayong sitwasyon, nalilito ang mga lider at superbisor ng iglesia at hindi nila alam kung paano pangasiwaan ang mga ito, hinahayaan nila ang mga taong ito na basta-bastang mang-akit ng ibang tao sa iglesia, dahil dito, naaasiwa at di-napagtitibay ang karamihan ng mga tao, nasusuklam sila sa puso nila pero hindi sila naglalakas-loob na magsalita at kinakailangan nilang tiisin ito. Naniniwala ang mga lider at superbisor na hindi makakapagpatuloy ang gawain ng iglesia at ang sambahayan ng Diyos kung wala

ang mga tao na ito, na kung papalayasin ang mga tao na ito na walang habas na nang-aakit, mababawasan ang mga tao na gagawa ng gawain. Tama ba ang lohikang ito? (Hindi.) Bakit hindi? (Hindi magagawa ng mga tao na ito ang gawain; hindi sila interesado rito.) Tumpak iyan. Sa tingin ninyo, anong uri ng mga tao ang may kakayahang walang habas na mang-akit ng iba? Wala silang pagpipigil kahit kaunti; sila ay mga hindi mananampalataya, mga walang pananampalataya. Hindi lang sa sila ay hindi nagmamahal sa katotohanan, tutol sa katotohanan, may kaunting pananalig, bata pa, at mababaw ang pundasyon—hindi lang iyon. Lahat ba ng walang pananampalataya na hindi nananampalataya sa Diyos ay may kakayahang basta-bastang mang-akit ng iba? May kakayahan ba silang lahat na lumahok sa malalaswang gawain? Hindi lahat; may ilan pa rin sa kanila na nagpapahalaga sa integridad at dignidad, nagmamalasakit sa reputasyon nila, at may batayang pamantayan sa sariling asal nila. Ang mga diumano'y mananampalataya sa Diyos na ito ay hindi mas mabuti kaysa sa mga walang pananampalataya, kaya kalabisan bang tawagin silang mga walang pananampalataya at mga hindi mananampalataya? (Hindi.) Bagama't kayang magtrabaho ng mga taong ito sa sambahayan ng Diyos, batay sa kalikasan nila, sila ay mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya. Wala silang mga prinsipyo sa anumang ginagawa nila at ang pag-asal nila ay walang pamantayan, walang dignidad, at walang kahihiyan. Itinataguyod pa nga ng mga walang pananampalataya ang ideya na, "Kailangan ng mga tao ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, tulad ng pangangailangan ng puno sa balakbak nito"; pero ni ayaw ng mga taong ito na panatilihin ang kanilang pagpapahalaga sa sarili, kaya magagawa ba nilang naisin ang katotohanan? Magagawa ba nilang sinserong gumugol para sa Diyos? Magagawa ba nilang kumilos nang ayon sa mga prinsipyo sa tungkulin nila? Talagang hindi! Nagtatrabaho lang sila, wala nang iba. Walang taglay na anumang katotohanan ang mga tao na nagtatrabaho; nakakagambala at nakakagulo ang pagtatrabaho nila, at hindi nito naaabot ang pamantayan ng paggawa ng tungkulin. Kahit na sa panlabas ay tila ginagawa nila ang tungkulin nila, gaano ka man makipagbahaginan sa kanila tungkol sa mga prinsipyo, sadyang hindi sila nakikinig. Ginagawa nila ang anumang gusto nila, hindi sila kumikilos nang ayon sa mga prinsipyo. Kapag nakikinig sa mga sermon ang mga taong ito, inilalantad ng kilos at mga ekspresyon nila ang diwa nila bilang mga hindi mananampalataya. Ang ibang tao ay nakaupo nang tuwid, nakikinig nang seryoso at mabuti, pero paano nakikinig ang mga taong ito? Ang ilan ay nakasandal sa mesa, nag-iinat at madalas na humihikab, hindi umuupo nang maayos, na parang hindi tao ang hitsura. Anong uri ng mga tao iyong mga hindi mukhang tao? Hindi talaga sila mga tao; nakadamit lang sila ng balat ng tao. Ano ang nararamdaman ninyo kapag nakikita ninyo ang grupo ng mga "reptil" na ito na dumadalo para makinig sa mga sermon? Hindi ba't nakakaasiwa ito? (Oo.) Kasuklam-suklam ang grupong ito, at nawawalan Ako ng ganang magsalita kapag nakikita Ko sila. Mga tao ang kinakausap Ko, hindi mga "reptil." Maaari bang mapabuti ang kalagayan ng mga taong nakikinig sa mga sermon na tulad nito habang ginagawa nila ang kanilang

tungkulin? Maaari bang lumago ang pananalig nila sa Diyos at mas malinaw ba nilang maunawaan ang katotohanan habang mas ginagawa nila ang tungkulin nila? Talagang hindi! Paano man nila gawin ang tungkulin nila, hindi lumalago ang tayog at pananalig nila. Ginagawa nila ang lahat ng bagay nang walang pakundangan at nang walang pagpipigil, namumuhay sila sa mga pagnanasa ng laman at sa mga tiwaling disposisyon nang walang anumang kamalayan, panunumbat sa sarili, o disiplina—sila ay mga hindi tao! Para sa mga gayong tao, kahit hindi isaalang-alang ang iba pang masasama nilang ginawa o ang mga kilos nila na lumabag sa mga prinsipyo at nakapinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, ang pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan ay sapat nang dahilan para paalisin sila. Isa itong napakasimpleng usapin, pero nagkakamot lang ng ulo ang mga lider at superbisor, hindi nila alam kung paano ito papangasiwaan. Napakadaling pangasiwaan ng usaping ito; napagbahaginan na ito noon. Dapat itong pangasiwaan nang ayon sa mga prinsipyo, at ang mga dapat paalisin ay dapat nang paalisin. Huwag na itong pag-isipan pa nang husto; magpapatuloy nang maayos ang gawain ng sambahayan ng Diyos kahit wala sila. Sabihin ninyo sa Akin, ano ang dapat gawin ng isang tao kung makakita siya ng dumi ng aso sa isang lugar? Dapat niya itong linisin agad; kung hindi agad na lilinisin, agad na darating ang mga langaw at lamok, at hindi mapapayapa ang mga tao sa gayong lugar. Ano ang ibig Kong sabihin dito? (Para malutas ang problema sa iglesia ng pakikibahagi sa mga di-wastong ugnayan, ang unang hakbang ay alisin ang mga hindi mananampalataya na ubod ng sama.) Oo, iyan mismo ang ibig Kong sabihin. Kung may mga tao sa iglesia na katulad ng “mabahong dumi ng aso,” tiyak na makakaakit sila ng ilang “mabahong langaw.” Sa pamamagitan ng paglilinis sa mabahong dumi ng aso, kusang mawawala ang mga langaw na ito. Hindi ba’t isa itong solusyon? Makatwiran ba ang solusyong ito? (Oo.) Sa pagharap sa mga gayong isyu, palaging may mga alalahanin ang ilang lider ng iglesia, sinasabi nila, “Kung aalisin natin ang mga walang habas na nang-aakit ng iba, hindi ba’t mababawasan ang mga tao na gagawa ng gawain?” Problema ba ito? (Hindi.) Bakit hindi? Paano dapat lutasin ang alalahaning ito? Kahit pa may katuturan ang alalahanin nila, iniisip na kung masyadong mahigpit ang mga hinihingi sa mga tao at papaalisin ang mga tao na kayang gumawa ng gawain, wala nang gagawa ng bahaging ito ng gawain, hindi ba’t madaling makahanap ng ibang tao na may kakayahan para palitan ang mga tao na iyon? (Oo.) At kahit hindi agad makahanap ng mga kapalit, puwedeng sa susunod na lang gawin ang gawain kapag nakahanap na ng mga angkop na tao nang hindi naaapektuhan ang gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi sinusuportahan ng sambahayan ng Diyos ang mga tao na hindi gumagawa nang wastong gawain. Kung magagawa nilang magsisi at tumuon sa mga wastong gampanin, puwede nilang patuloy na gawin ang gawain, pero kung hindi sila magsisisi, dapat silang tanggalin sa paggampan ng tungkulin nila. Hindi ba’t makatwiran at rasonable ito? Mas pipiliin pang suportahan ng sambahayan ng Diyos ang mga trabahador kaysa sa mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya. Tama ba ang prinsipyong ito? (Oo.)

Paano ito naging tama? Kahit hindi naghahangad sa katotohanan ang isang trabahador, handa pa rin siyang magtrabaho, at kaya niyang magsikap nang maayos at nang masunurin sa sambahayan ng Diyos. Kahit na nagpapakapagod lang siya, tapat siya, at kahit papaano, hindi siya masamang tao. Ganito ang uri ng mga tao na pinapanatili ng sambahayan ng Diyos. Kung ang isang tao ay di-mabuti at ubod ng sama, palaging gumagawa ng mga baliko at imoral na gawain, at kung hindi man lang siya makapagtrabaho nang maayos at hindi pasok sa pamantayan bilang isang trabahador, kung gayon, walang pananampalataya ang gayong tao, at hindi siya pinapanatili ng sambahayan ng Diyos. Samakatwid, hindi dahil siya ay trabahador kaya hindi siya pinapanatili ng sambahayan ng Diyos, kundi dahil ang pagtatrabaho niya ay hindi man lang pasok sa pamantayan, dahil kahit ang pagtatrabaho niya ay transaksiyonal. Ito ay dahil palagi niyang gustong gumawa ng masama at manggulo, palaging sinusubukang gumawa ng mga baliko at imoral na mga gawain sa iglesia, sinisira ang kaayusan ng gawain ng iglesia at naaapektuhan ang paggampan sa tungkulin ng karamihan ng tao. Ginagawa niyang tiwali ang atmospera ng iglesia at binibigyang-kahihiyan ang pangalan ng Diyos—wala nang mas naaangkop pa kaysa sa pagpapaalis sa kanya. Saanman may mga tao na katulad ng “mababahong dumi ng aso,” dapat agad na paalisin sila. Nauunawaan ba ninyo? (Oo.)

XI. Pagmamanipula at Paggambala sa mga Halalan

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Agaran at tumpak na tukuyin ang iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon.” Ano ang ikalabing-isang isyu ng ikalabindalawang responsabilidad na ito? (Pagmamanipula at paggambala sa mga halalan.) Nagbahaginan na tayo nang kaunti tungkol sa pagmamanipula at paggambala sa mga halalan noong pinagbabahaginan at inilalantad natin ang iba’t ibang pagpapamalas ng mga anticristo, hindi ba? (Oo.) Ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay may kasamang mga tuntunin para sa mga halalan sa iglesia. Ang mga halalan ay puwedeng isagawa minsan sa isang taon, at puwede ring magkaroon ng mga halalan sa ilalim ng ilang natatanging sitwasyon. Ang lahat ng iglesia ay dapat pumili ng mga lider at manggagawa sa lahat ng antas nang ayon sa mga prinsipyong itinakda ng sambahayan ng Diyos. Kasama sa mga tuntunin ng mga halalan ang mga prinsipyong panghalalan, ang mga pamantayan para sa pagpili ng mga tao, ang mga hakbang at pamamaraan ng halalan, at iba’t ibang mahalagang usapin na kailangang malaman ng mga kapatid sa panahon ng mga halalan. Siyempre, bago ang bawat halalan, ang mga lider at manggagawa sa lahat ng antas ay dapat magbahaginan tungkol sa lahat ng aspekto ng

mga prinsipyong panghalalan para masigurong malinaw na maunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga ito. Sa ganitong paraan, magiging mas maganda ang mga resulta ng halalan. Hindi natin pagbabahaginan ngayon ang mga detalye ng mga halalan; ang pangunahing paksa ng pagbabahaginan ngayon ay ang ilang pagpapamalas ng pagmamanipula at paggambala sa mga halalan.

A. Ang mga Pagpapamalas ng Pagmamanipula at Paggambala sa mga Halalan

Ang mga halalan sa iglesia ay kailangang mahigpit na sumunod sa mga prinsipyong panghalalan na itinakda ng sambahayan ng Diyos para mapili ang mga kandidatong pinakaangkop na maging mga lider at manggagawa. Kung nalalabag ang mga prinsipyong panghalalan at gumamit ng ibang pamamaraan ng halalan, gawa ito ng mga huwad na lider at mga anticristo. Dapat ipagbawal ng sambahayan ng Diyos ang mga gayong paglabag at imbestigahan at pangasiwaan ang mga pangunahing indibidwal na nagmanipula sa mga halalan. Sa panahon ng mga halalan sa iglesia, mabubunyag ang iba't ibang tao, at malalantad ang iba't ibang mentalidad ng mga tao. May ilang tao na gumagawa ng mga lihim na pakana kapag walang nakakakita para sila ang mahalal na mga lider o para mahalal ang mga taong kapaki-pakinabang sa kanila. Halimbawa, natatakot ang ilang tao na ang mga naghahangad sa katotohanan ang mahahalal na mga lider at magiging banta sa katayuan nila, at kaya nagsisikap sila na husgahan ang mga ito kapag nakatalikod ang mga ito tungkol sa mga kahinaang ipinakita ng mga ito at sa mga pagkakamaling nagawa ng mga ito, kinokondena nila ang mga taong ito bilang mayayabang at mga mapagmagaling na may disposisyon ng mga anticristo, at iba pa, ginagawa ang lahat ng ito para matalo sa halalan ang mga taong ito. Ang iba, para mahalal na lider, ay bumibili ng magagandang kagamitan para isuhol sa mga tao sa panahon ng halalan o nangangako sila gamit ang mga salitang magandang pakinggan, at gumagamit din sila ng iba't ibang paraan para hikayatin at udyukan ang iba sa kung sino ang iboboto o hindi iboboto. Anuman ang ginagamit nilang mga diskarte at pamamaraan, ang lahat ng ito ay para manipulahin ang mga halalan at impluwensiyahan ang mga resulta ng halalan. Kahit na paulit-ulit na nakikipagbahaginan ang iglesia tungkol sa mga prinsipyo ng mga halalan—tulad ng pagpili ng mga may mabuting pagkatao, mga naghahangad sa katotohanan, at may kakayahang umakay sa mga kapatid na gawin nang normal ang mga tungkulin nila, normal na magbasa ng mga salita ng Diyos, at pumasok sa katotohanang realidad, at iba pang gayong prinsipyo—sadyang hindi nakikinig ang mga tao na ito at gumagawa pa rin sila ng mga lihim na pakana. Ano ang ibig sabihin ng paggawa ng mga lihim na pakana? Ibig sabihin ay palagi nilang gustong mandaya. Hindi nila kailanman hayagang sinusuri kung sino ang mabuti at sino ang hindi, palagi nilang gustong gumawa ng mga lihim na pakana at tusong plano at balak nang walang nakakakita. Pinaplano pa nga nila nang lihim kung sino ang dapat ihalal at hindi dapat ihalal, sinusubukang kumbinsihin ang lahat na magkasundo. Hindi ba't mga lihim na pakana ang mga ito? Hindi ba't pandaraya ito? (Oo.) Ito ba ay

pangangalaga sa halalan nang hayagan at tapat nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo? Hindi—gumagamit sila ng mga pakana at pamamaraan ng tao para mapangahas na manipulahin ang mga halalan. Ano ang layon nila sa pagmamanipula ng mga halalan? Gusto nilang kontrolin ang mga resulta ng halalan, gusto nilang sila ang mahalal, at kung hindi sila mahahalal, gusto nilang pagdesisyunan kung sino ang mahahalal, kaya lihim silang nagpapakana kapag walang nakakakita. Hindi sila nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa gawain ng iglesia o sa buhay pagpasok ng mga kapatid. Hindi nila iniisip ang mga interes ng sambahayan ng Diyos o ang mga kapatid; isinasaalang-alang lang nila ang pansarili nilang mga interes. Kapag may mga halalan, ang sarili nilang mga layunin at pagnanais ang pinakaunang priyoridad nila. Kaya bakit nila gustong manipulahin ang mga halalan? Kung tunay na gustong dalhin ng isang tao ang mga kapatid sa harap ng Diyos at sa katotohanang realidad, kikilos ba siya nang ganito? Magkakaroon ba siya ng mga gayong ambisyon? Magpapakita ba siya ng gayong pag-uugali? Hindi. Tanging ang mga may lihim na motibo, ambisyon, at pagnanais na gustong manipulahin ang mga halalan ng iglesia ang kikilos nang ganito. Sa loob ng iglesia, kinakalap nila ang ilang tao na nakakasundo nila, kapareho nila ng mga pananaw, at kapareho nila ng mga motibo at pakay, at binibitag din nila ang ilang tao na karaniwang mahina, hindi masyadong naghahangad sa katotohanan, magulo ang isip, ignorante, at madaling maimpluwensiyahan at manipulahin, bumubuo sila ng puwersang magpapagulo sa gawain ng halalan ng iglesia. Ang pakay nila sa pagkontra sa iglesia ay para sila ang mahalal, para sila ang may huling salita sa mga resulta ng halalan. Gusto nilang mahalal ang mga tao na pauna na nilang itinakda, ang mga kapaki-pakinabang sa kanila. Kung ang mga tao na ito ang mahahalal, nagtagumpay na ang kanilang pakana. Tama ba o mali ang magiging resulta ng gayong halalan? (Mali.) Tiyak na magiging mali ito. Ang mga nahalal sa isang halalang minanipula ng masasamang tao ay tiyak na magiging kapaki-pakinabang sa masasamang tao. Bakit magiging kapaki-pakinabang ang mga ito sa masasamang tao? Dahil makakakilos ang masasamang tao nang sutil at walang habas, at makakapanggulo sila sa iglesia nang walang sinumang nangangahas na maglantad sa kanila o paghigpitan sila. Hindi sila mapapaalis, samantalang ibubukod at aapihin nila ang mga naghahangad sa katotohanan, at ang iglesia ay magiging teritoryo ng masasamang tao. Malinaw naman na tiyak na mali ang resulta ng isang halalang namanipula ng masasamang tao; tiyak na salungat ito sa opinyon ng nakararami at lumalabag sa mga prinsipyo. Ang mga lider ng iglesia at ang mga kapatid ay dapat maging mulat at mapagmatyag sa lahat ng kilos at galaw ng mga tao na ito sa panahon ng mga halalan. Hindi dapat maging magulo ang isip nila tungkol dito. Sa sandaling matuklasan ang mga palatandaan ng pagmamanipula at paggambala ng halalan, dapat agad na gumawa ng mga hakbang para pigilan ang mga kasangkot, at kung hindi mapipigilan ang mga tao na ito, dapat silang ihiwalay. Ang mga tao na ito ay lubos na mapangahas, walang pagpipigil, at mahirap kontrolin. Para gambalain ang mga halalan at manipulahin ang mga resulta, tiyak na gagawa sila ng mga lihim na pakana kapag

walang nakakakita, magsasabi at gagawa sila ng maraming bagay. Ano ang dapat gawin tungkol dito? Madaling pangasiwaan ang usapin. Kung natuklasan ng mga lider ng iglesia ang problema, dapat nila itong ilantad at isapubliko, dapat nilang himukin ang mga kapatid na magbahaginan tungkol sa kalubhaan at mga kahihinatnan ng usaping ito, at kung ano talaga ang kalikasan ng mga gayong kilos. Sa huli, dapat silang gumawa ng mga partikular na hakbang. Anong mga hakbang ang dapat gawin? Ang sinumang palaging lihim na nagpapakana kapag walang nakakakita at nagtatangkang manipulahin at gambalain ang mga halalan ay dapat na pangasiwaan nang walang pag-aatubili at pagbawalan sa paglahok sa mga halalan. Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito ay hindi bibilangin ang boto nila. Kahit gaano karami ang sangkot sa pagmamanipula at paggambala ng halalan, dapat na mapawalang-bisa ang lahat ng boto nila, at hindi sila dapat pahintulutang makilahok sa halalan. Sinuman ang nalihis at nagulo, basta't sinunod nila ang mga gawi ng mga nagmamanipula sa halalan at nakipagsabwatan sila sa masasamang tao para sadyang pinsalain ang halalan, ang hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat na tumindig para ilantad sila at bawiin ang karapatan nilang makilahok sa mga halalan. Mabuti ba ang pamamaraang ito? (Oo.) Ito ay ginagawa para ganap na protektahan ang gawain ng iglesia. Hindi ba't tumatanggi kang tumanggap ng mga paghihigpit? Hindi ba't tumatanggi kang tanggapin ang mga prinsipyong panghalalan ng sambahayan ng Diyos? Hindi ba't gusto mong ikaw ang may huling salita? Kung ikaw ang may huling salita, si Satanas ang siyang may huling salita. Ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia ay mga lugar kung saan naghahari ang katotohanan; hindi puwedeng payagan na si Satanas ang magpasya. Dahil gusto mong lihim na magpakana at sadyang manipulahin at gambalain ang halalang ito, simple lang ito—walang bisa ang boto mo. Sinuman ang iboto mo, wala itong silbi; wala sa mga opinyon mo ang may bisa, at kahit magpilit kang tumakbo sa halalan, hindi iyon uubra. Ang sambahayan ng Diyos ay may mga atas administratibo at regulasyon, at ang karapatan mong makilahok sa halalang ito ay binawi at kinansela na. Kung manggugulo ka pa rin sa susunod na halalan, tuluyan nang babawiin ang karapatan mong makilahok sa mga halalan, at hinding-hindi ka na pahihintulutang lumahok kailanman. Ganito dapat pangasiwaan ang mga palaging lihim na nagpapakana para manipulahin at gambalain ang mga halalan.

Tuwing may halalan sa iglesia, palaging may masasamang tao na nagsisimula nang hindi mapakali: May ilan na lihim na nagpapakana kapag walang nakakakita para manipulahin at gambalain ang halalan, habang may iba namang sabik na makipagkompetensiya nang hayagan sa iba para sa posisyon ng pamumuno, nakikipagtalo sila hanggang sa mamula na ang mukha nila, minsan pa nga ay halos kumilos na sila nang padalos-dalos, marahas, at mapanakit, kaya hindi na alam ng mga kapatid kung kanino sila makikinig o kung sino ang ihahalal nila. Sa panahon ng halalan, hindi sila nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, hindi rin nila tinatalakay kung paano nila isasagawa ang mga gawain ng iglesia, kung ano ang magiging mga landas sa gawain, o kung ano ang mga ideya at planong ihahain nila kung sila ang mahalal na

lider. Sa halip, tinitiyak nila na malalantad ang mga kahinaan ng ibang kandidato at inaatake nila ang mga taong ito, habang hinihikayat nila ang isang grupo ng mga tao para bumuo ng oposisyon laban sa isa pang grupo, na nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak sa iglesia. Ano ang nagiging kinahihinatnan ng ganoong halalan? Ito ay nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak sa iglesia. Bago pa man lumabas ang mga resulta ng halalan, nagkawatak-watak na ang iglesia. Isa ba itong penomeno na dapat mangyari sa panahon ng halalan ng iglesia? Isa ba itong normal na penomeno? Hindi, hindi ito normal. Kung gusto mong maging lider at naniniwala kang mayroon kang ilang kakayahan at pagpapahalaga sa pasanin at kalipikado ka para sa gawaing ito, puwede kang makilahok sa halalan nang alinsunod sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Siyempre, puwede mo ring ipahayag ang mga kalakasan at merito mo at makipagbahaginan ka tungkol sa mga pagkaunawa at karanasan mo, para mahikayat ang mga kapatid at magtiwala sila sa iyo na mamuno sa gawain ng iglesia. Gayumpaman, hindi mo dapat kamtin ang layon mong manalo sa halalan sa pamamagitan ng pag-atake sa iba, dahil madali itong makapanlilihis sa mga tao at magdudulot ng mga negatibong kahihinatnan. Ang mga kapatid na may mababang tayog at walang pagkilatis ay madali mong mailililihis at hindi nila malalaman kung sino ang dapat nilang piliin, at puwede ring magkaroon ng malaking kaguluhan at pagkakawatak-watak sa iglesia. Hindi ba't mabibigyan niyon si Satanas ng pagkakataong masasamantala nito? Sa madaling salita, ang pakikilahok sa halalan nang hindi sinusunod ang mga prinsipyo, at palaging pagkakaroon ng mga ambisyon at pagnanais, at paggamit ng mga kasuklam-suklam na pamamaraan para makamit ang layong manalo sa halalan ay pawang kalikasan ng pagmamanipula at paggambala sa mga halalan at hindi wastong pag-uugali sa halalan. Siyempre, may mga tao namang may tamang pag-uugali na dapat itangi mula rito. Halimbawa, kung ang isang kandidato ay nakikipagbahaginan tungkol sa kung paano gagawin nang maayos ang iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, tulad ng gawain ng ebanghelyo, gawaing nakabatay sa teksto, at mga gawain sa pangkalahatang usapin, o kung paano mapapabuti ang buhay iglesia, paano malulutas ang mga suliranin ng hinirang na mga tao ng Diyos sa buhay pagpasok nila, at iba pa, wasto ang lahat ng ito. Ang wastong pagpapahayag ng mga pananaw at pagkaunawa, ang pagbabahagi ng mga ideya at plano tungkol sa gawain ng iglesia, at iba pa—lahat ng ito ay bahagi ng normal na pananalita at pag-uugali, at tumutugma ang mga ito sa mga prinsipyong panghalalan na itinakda ng iglesia. Maliban sa mga ito, ang anumang hindi wastong pag-uugali na ipinapakita sa panahon ng halalan na halatang-halata ay dapat mapansin ng mga tao. Kailangan maging mapagmatyag ang mga tao at kilatisin nila ang mga ito—huwag maging walang ingat.

Madalas banggitin ng ilang tao ang pagiging abala sa trabaho, pagkakaroon ng maraming isyu sa pamilya nila, o hindi angkop na kapaligiran bilang mga dahilan kaya hindi nila magawa ang mga tungkulin nila at hindi sila makalahok sa buhay iglesia. Gayumpaman, kapag dumating na ang panahon ng halalan para pumili ng mga lider ng

iglesia, biglang nawawala ang mga suliraning ito, at metikuloso silang nagbibihis para sa okasyon at dumarating para makilahok sa halalan. Matagal na silang hindi dumadalo, pero nang marinig nila ang magandang balita tungkol sa halalan ng iglesia, dali-dali at sabik na sabik silang nagpupunta. Ano ang ipinupunta nila? Nagpupunta sila para sa halalan, para sa posisyon ng lider ng iglesia, para sa “opisyal na posisyon” na ito. Labis na tuso ang mga kilos ng mga gayong tao. Dahil nangangamba sila na maghihinala ang iba na gusto nilang maging lider ng iglesia, iniiwasan nilang banggitin ang halalan at nakatutok lang sila sa pakikipagbahaginan tungkol sa mga pagkaunawa at karanasan nila para makuha nila ang paghanga ng mga tao. Ipinapakita rin nila sa iba na kinakain at iniinom nila ang mga salita ng Diyos, na inaakay nila ang lahat na makipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos, at ibinabahagi ang kanilang sariling mga patotoong batay sa karanasan. Sa katunayan, karaniwan ay bihira silang makilahok sa buhay iglesia at madalang silang makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, at hindi rin nila kayang magsalita tungkol sa mga pagkaunawang batay sa karanasan. Gayumpaman, kapag papalapit na ang halalan, nag-iiba sila nang husto. Aktibo silang nakikilahok sa buhay iglesia at sabik silang magdasal, kumanta ng mga himno, at makipagbahaginan, mukha silang ganadong-ganado at maagap at talagang namumukod-tangi. Pagkatapos ng mga pagtitipon, naghahanap sila ng mga pagkakataon para makipag-usap sa mga kapatid tungkol sa mga usapin ng pamilya at makabuo ng mga koneksiyon. Kapag nakikita nila ang isang lider ng iglesia, sinasabi nila, “Mukhang hindi maganda ang kalagayan mo ngayon. Mayroon akong mga datiles sa bahay; dadalhan kita.” Kapag nakikita nila ang isang partikular na sister, sinasabi nila, “Nabalitaan kong may problema sa pinansiyal ang pamilya mo ngayon. Kailangan mo ba ng tulong? Puwede kitang bigyan ng ilang damit.” Napakaaktibo nila sa bawat pagtitipon, ibang-iba sila kumpara dati. Noon, paminsan-minsan silang dumadalo para lang mangumusta, at kahit sino pa ang mag-anyaya sa kanila na dumalo sa pagtitipon, magdadahilan sila na kesyo abala sila. Pero sa panahon ng halalan, bigla na lang silang lumilitaw at nakikilahok sa bawat pagtitipon nang walang pinalalagpas na kahit isa. Sa bawat pagtitipon, nagbabahaginan ang mga kapatid tungkol sa mga usapin at prinsipyo na may kinalaman sa halalan, at siyempre, nakikilahok din sila. Sa panahong ito, nagsusumikap silang magkaroon ng magagandang ugnayan sa mga kapatid, nagsusumikap silang makuha ang loob ng ilan sa mga ito. Nagbibigay pa sila ng maraming handog sa harap ng mga kapatid, na ikinagugulat ng maraming tao, iniisip ng mga ito, “Napakatagal na nilang nananampalataya sa Diyos, pero hindi pa namin sila nakitang nagbigay ng handog. Bakit kaya masyado silang mapagbigay ngayon? Talaga bang nagbago na sila at itinuwid na ang kanilang sarili?” Iniisip ng ilang taong mangmang at ignorante, na hindi marunong magsuri ng mga bagay, na talagang nagbago na ang taong ito, na nagkamali sila ng paghusga sa taong ito dati, at hindi namamalayang nagkakaroon sila ng paborableng impresyon sa tao na ito sa puso nila, iniisip nila, “May kaya ang pamilya ng tao na ito, may mga koneksiyon at paraan siya para magawa ang mga bagay-bagay. Kung siya ang maging lider ng

iglesia, marami siyang magagawa para sa iglesia. Hindi ba't makakatulong ito sa ating iglesia sa pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatuloy sa bahay sa mga kapatid na tinutugis at may mga suliranin? Kung magagawa niyang patuloy na maging ganito kaaktibo, magiging maganda ito, pero hindi ako sigurado kung mapapanindigan niya ito o kung magiging handa siyang maging lider ng iglesia namin." Hindi ba't nalihis at naloko na ang ilang tao? Ang lahat ng ginagawa ng taong ito ay nagsisimula nang magbunga, hindi ba? Unti-unti nang natutupad ang mga plano at malapit nang magkaroon ng mga resulta. Hindi ba't ito ang gusto nila? (Oo.) Dagdag pa rito, nagbibigay sila ng dalawang piraso ng damit sa isang tao, isang basket ng gulay sa isa pa, at mga health supplement sa iba pang tao, tinitiyak nilang naaasikaso ang lahat. Napapaisip ang mga tao dahil dito, "Kung ang tao na ito ay maging lider ng iglesia, hindi ba't magiging mahusay siyang pastol? Hindi ba't siya ang tipo ng tao na gustong sandalan ng karamihan ng tao?" Hindi ba't tamang-tama na ang pagkakataon ngayon? Hindi ba't madaling pipiliin ng mga kapatid ang ganitong klase ng tao? Ang tao na ito ay edukado, mahusay magsalita, at may partikular na katayuan sa lipunan. Kung nahaharap sa mga pang-aaresto ang iglesia, mapoprotektahan niya ang mga kapatid. Kung may mga suliranin ang sinuman sa pamilya ng mga kapatid, kaya niyang mag-abot ng tulong, at puwede rin siyang tumulong sa mga gawain ng iglesia kapag kinakailangan ang mas maraming tulong. Gayumpaman, may isang bagay na hindi nakatitiyak ang karamihan ng tao: "Dati, hindi naman niya hinahangad ang katotohanan, at bihira siyang dumalo sa mga pagtitipon sa loob ng mahabang panahon. Pero ngayon, kapag panahon na ng halalan, dali-dali siyang dumadalo sa ilang pagtitipon. Kung mahahalal siya bilang lider, mauunawaan ba niya ang katotohanan? Kung hindi niya nauunawaan ang katotohanan at kaya lang niyang protektahan ang mga taong ito o magbigay ng ilang pakinabang sa kanila, matutulungan ba niya ang mga tao na maunawaan ang katotohanan? Madadala ba niya ang mga tao sa harap ng Diyos? Kuwestiyonable ito." May pagdududa ang ilang tao sa puso nila, habang may ilan na naimpluwensiyahan at nakumbinsi na ng mga pakinabang ng tao na ito. Hindi ba't napakadelikado ng sitwasyong ito? Dahil lang sa isang boto ay puwede na silang mahalal. Anuman ang magiging resulta ng halalan sa huli, wasto ba ang mga kilos at pag-uugali ng mga gayong tao? (Hindi.) Sa pinakamahahalagang sandali, sila ay nagbibigay ng mga limos, naghahandog, at tumutulong sa mga kapatid sa paglutas ng ilang tunay na suliranin. Kapag may mga kapatid na lumilipat ng bahay, nagpapahiram sila ng sasakyan, at kapag may mga kapatid na walang sapat na pera, nagpapautang sila. Kapag may mga kapatid na walang telepono, binibilhan nila ang mga ito, at kapag may kapatid na walang kompyuter, ibinibigay nila sa mga ito ang sarili nilang kompyuter. … Ginagawa nila ang mga bagay na ito sa pinakamahahalagang sandali, sa mga pinakakritikal na pagkakataon. Anong klaseng pag-uugali ito? Hindi ba't pagmamanipula at paggambala sa mga halalan ang paggawa ng mga bagay na ito nang may layuning makipagkompetensiya para sa posisyon ng lider, nang may kahiya-hiyang mga lihim at layunin? (Oo.) Hindi sila dumarating nang maaga o huli, kundi dumarating

sila sa mismong panahon ng halalan sa posisyon ng lider. Hindi ba't nagkikimkim sila ng mga kahiya-hiyang lihim? Halatang-halata ito; tiyak na nagkikimkim sila ng mga kahiya-hiyang lihim. Hindi ito dahil sa bigla silang nakonsensiya at gusto nilang gumawa ng mabubuting gawa; ang layon nila ay tumakbo para sa posisyon ng lider ng iglesia, para maging ang taong namamahala sa iglesia, para manipulahin ang iglesia at ang hinirang na mga tao ng Diyos. Gusto ba nilang manipulahin ang mga taong ito para tunay na makatulong sa mga ito? (Hindi.) Kung gayon, ano ba ang gusto nilang gawin? Gusto nilang kontrolin ang hinirang na mga tao ng Diyos, kontrolin ang iglesia, at magkaroon ng isang posisyon sa iglesia kung saan makakakilos sila bilang isang opisyal at sila ang magpapasya. Hindi ba't pagmamanipula at paggambala sa mga halalan ang mga ganitong di-pangkaraniwang pamamaraan at pagsasagawa? (Oo.)

Sa panahon ng mga halalan sa iglesia, may ilang tao na ibinoboto ang sarili nila dahil takot silang hindi makakuha ng sapat na boto. Hindi ba't katawa-tawa at kakaiba ito? Ano ang kalikasan ng isang tao na bumoboto para sa sarili niya? Pagpapamalas ba ito ng kawalan ng tiwala sa sarili, ng kawalang kahihiyan, o ng labis-labis na ambisyon? Lahat ito. Takot siyang hindi mahalal, kaya wala siyang ibang magagawa kundi ang iboto ang sarili niya—kawalan ito ng tiwala sa sarili. Wala siyang kakayahan pero gusto pa rin niyang maging lider; dahil natatakot siyang hindi siya iboboto ng iba, kaya ibinoboto niya ang sarili niya. Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan? Higit pa rito, hindi nagiging tama ang pagsusuri niya dahil sa labis-labis niyang ambisyon kaya isinasantabi niya ang pride at nawawalan siya ng integridad at dignidad: "Kung hindi mo ako iboboto, hindi ako papayag; dapat akong maging lider ng iglesia. Kung hindi ako magiging lider, hindi na ako mananampalataya sa diyos!" Ipinipilit niya na maging lider, na kumilos bilang isang opisyal, napapanatag at nakokontento lang siya sa buhay kapag may katayuan siya—napakalaki ng mga ambisyon at pagnanais niya! Masyado niyang pinapahalagahan ang katayuan, nananampalataya siya sa Diyos para lang maging lider. Ano ba ang napakaganda sa pagiging lider? Kung hindi mo pinapahalagahan ang mga pakinabang ng katayuan at hindi ka nasisiyahan sa lahat ng espesyal na pagtratong dulot nito, mag-iimbot ka pa rin ba sa posisyong ito? Iboboto mo pa rin ba ang sarili mo? Magiging napakalaki pa rin ba ng mga ambisyon at pagnanais mo? Pahahalagahan mo pa rin ba nang labis ang katayuan? Hindi na. Ang mga gayong tao ay palaging gustong pakialaman at pagsumikapan ang mga halalan, gumagamit sila ng anumang mapanlinlang na gawa. Kahit na nararamdaman nila mismo na ang gayong paraan ng pagkilos ay kahiya-hiya, hindi hayagan o tapat, at medyo nakakababa ng pagkatao, pagkatapos ng kaunting pagsasaalang-alang, iniisip nila, "Basta, ang mahalaga ay mahalal bilang lider!" Kawalan ito ng kahihiyan. Gusto pa nilang gayahin ang mga pamamaraan sa pakikipagdebate na ginagamit sa mga halalan ng mga demokratikong bansa, kung saan inilalantad ng mga kandidato ang mga pagkukulang ng isa't isa, hinuhusgahan at binabatikos ang isa't isa, at nagbabangayan sila, ginagamit nila ang mga taktikang ito sa mga halalan ng iglesia—hindi ba't isa itong malaking pagkakamali? Hindi ba't hindi ito ang lugar para sa mga

gayong taktika? Kung pupunta ka sa iglesia para magsagawa ng mga baliko at imoral na gawain at subukang manipulahin at gambalain ang mga halalan, sinasabi Ko sa iyo, mali ang lugar na pinili mo para gawin iyon! Ito ang sambahayan ng Diyos, hindi ang lipunan; ang sinumang nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan ay kokondenahin, isa-isa. Sa iglesia, ang anumang mga dahilan, palusot, o pamamaraan na ginagamit para manipulahin at gambalain ang mga halalan, hindi katanggap-tanggap ang mga ito, at katumbas ito ng isang masamang gawa—isa itong masamang gawa magpakailanman! Kinokondena ang lahat ng nagtatangkang manipulahin at gambalain ang mga halalan. Ang mga gayong tao ay hindi kinikilala bilang mga miyembro ng sambahayan ng Diyos o bilang mga kapatid, kundi inilalarawan silang mga alipin ni Satanas. Anong klaseng mga bagay ang ginagawa ng mga alipin ni Satanas? Mga eksperto sila sa paggawa ng mga bagay na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Ang mga nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan ay gumaganap ng mga negatibong papel na ito, ginagawa nila ang mga bagay na ginagawa ng mga alipin ni Satanas. Anuman ang gawaing isinasagawa ng iglesia, tumitindig ang mga taong ito para gambalain at sirain ito, binabalewala nila ang mga pagsasaayos ng gawain at regulasyon ng sambahayan ng Diyos, binabalewala ang mga atas administratibo ng Diyos, at higit pa rito, binabalewala nila ang Diyos. Sinusubukan nilang gawin ang anumang gusto nila sa sambahayan ng Diyos, minamanipula ang iba't ibang usapin sa iglesia, at higit pa rito, minamanipula nila ang mga miyembro ng iglesia, at umaabot pa sila sa puntong minamanipula at ginagambala nila ang mga halalan ng iglesia. Sa anong paraan nila sinusubukang manipulahin ang mga tauhan ng iglesia? Naghahanap sila ng mga pagkakataon para manipulahin at gambalain ang mga halalan ng iglesia. Kapag ang isang halalan ay namanipula at nagambala ng mga alipin ni Satanas, nabigo na ang halalan. Kung ang mga alipin ni Satanas ay magtagumpay at maging mga lider ng iglesia, tama ba o mali ang resulta ng halalan? Mali ito, siyempre. Dapat ulitin ang halalan sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa katotohanan at pagbubuod sa mga aral na natutunan.

B. Ang mga Prinsipyo sa Pangangasiwa sa Masasamang Tao na Nagmamanipula sa mga Halalan ng Iglesia

Kapag may masasamang tao na nagmamanipula ng mga halalan, kinakailangang ulitin ang halalan. Paano ito dapat isagawa? (Dapat na mapawalang-bisa ang mga resulta ng halalan at magsagawa ng bagong halalan.) Isang paraan ito. Ang impormasyon mula sa loob tungkol sa kung paano namanipula ng masasamang tao ang halalang ito ay dapat ihayag at isapubliko para malaman ng lahat kung ano ang nangyari sa proseso ng halalan at kung paano nabuo ang mga resulta. Pagkatapos malaman ng mga tao ang mga kumpidensiyal na impormasyong ito, dapat na ipawalang-bisa ang mga resulta ng halalan, at ulitin ang halalan. Ang gayong halalan ay hindi dapat aprubahan ng mayorya ng hinirang na mga tao ng Diyos; at hindi mahalaga kung sino ang nahalal—hindi

puwedeng tanggapin ang mga resulta. Sa mga normal na sitwasyon, sa pamamagitan ng pagbabahaginan sa katotohanan at paglalantad sa kumpidensyal na kuwento, maaaring hindi kilalanin ang mga resulta ng halalan, at ulitin ang halalan. Pero minsan, sa ilang espesyal na sitwasyon, kahit na may ilang tao lang na nakakaalam na ang mga resulta ng halalan ay namanipula ng mga alipin ni Satanas at na ang nahalal na tao ay hinding-hindi kayang gawin ang gawain at isang papet lang, dahil ang mayorya sa iglesia ay nalihis ng masasamang tao at pumapanig pa rin sa mga alipin ni Satanas habang ang minorya ang may kaunting pagkilatis at nakakaalam sa kumpidensiyal na impormasyon—at walang naniniwala sa minoryang ito o nakikinig sa kanila kapag nagsasalita sila—sila ay inihihiwalay at walang kapangyarihan, at wala talagang lakas para baguhin ang sitwasyon. Sa mga gayong pagkakataon, maaaring gustuhin mong ilantad ang kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa pagmamanipula sa halalan, pero hindi madaling maunawaan nang malinaw ang sitwasyon. Sa gayong kaso, bukod sa pag-uulat nito sa mga nakatataas na lider at manggagawa, ano pa ang puwede ninyong gawin? Kung magpapatuloy kayong mamuhay ng buhay iglesia, ibubukod ka. Parang hindi rin naman angkop na dumalo sa mga pagtitipon sa ibang iglesia, dahil ang mga tao roon ay hindi puwedeng basta-bastang magpatuloy ng isang estranghero sa bahay. Talagang nahihirapan kang magpasya dahil dito! Nakikita mo na ang nahalal na lider ng iglesia ay may masamang pagkatao, isang diyablo, at hindi siya isang tao na karapat-dapat na mahalal, kaya nagagalit ka na kapag nakikita mo pa lang siya. Naaasiwa ka kapag dumadalo ka sa mga pagtitipon, pero hindi naman puwedeng hindi dumalo. Kung hindi ka dadalo, at puputulin mo ang ugnayan mo sa iglesia, mawawala ang buhay iglesia mo, at hindi ito isang bagay na puwede mong gawin. Kaya, may magandang solusyon ba sa problemang ito? Nangangailangan ito ng karunungan. Ano ang kahihinatnan kung magmamadali kang ilantad sila? Maaaring magsama-sama ang mga taong iyon para supilin ka, itaboy ka, o kung talagang hindi naging maganda ang takbo ng mga bagay, baka paalisin ka pa nila, at magiging biktima ka ng kawalang katarungan. Ito ang pinakamalamang na kahihinatnan. Kaya, ano ang pinakamagandang solusyon? (Makipagsanib-puwersa sa mga kapatid na may pagkilatis at tipunin ang lahat ng ebidensiya ng masasamang gawa ng lihim na pagmamanipula sa halalan ng mga taong ito. Iulat ito sa mga nakatataas na lider at manggagawa, at mabilis ding makipagbahaginan tungkol sa katotohanan kasama ang mga kapatid na nalihis para maibalik sila.) Maituturing ba itong magandang solusyon? Ayos lang bang gawin ang mga gayong bagay nang padalos-dalos? Ano ang kahihinatnan ng pagiging padalos-dalos? (Dahil dito ay madaling naaalerto ang kaaway nang hindi sinasadya.) Kapag nahaharap kayo sa mga ganitong usapin, natatakot ba kayo o kinakabahan? Dapat ba kayong matakot o kabahan? (Hindi.) Sa teorya, hindi ka dapat matakot—ito ang sinasabi sa iyo ng iyong pagkamakatwiran. Pero sa realidad, kumusta ito para sa mga tao? Ang pinakamahalaga ay kung nauunawaan ba ng mga tao ang katotohanan. Kung hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan at mayroon lang silang kapasyahan,

matatakot pa rin sila sa loob-loob nila. Kapag natatakot ka, madali bang magkamit ng mga resulta anuman ang iyong gawin o paano mo man ito gawin? (Hindi.) Kapag natatakot ka, nasa anong klaseng kalagayan ka? Natatakot ka sa kapangyarihan ng mga taong ito, natatakot kang malalaman nila na nakikilatis mo na sila at na nagiging mapagbantay ka laban sa kanila, at natatakot ka na susupilin at ibubukod ka nila kapag nakita nilang hindi ka pumapanig sa kanila, at sa huli ay aalisin ka nila sa iglesia. Magkakaroon ka ng mga ganitong alalahanin sa puso mo. Kapag may mga gayon kang alalahanin, maaari ka bang magkaroon ng karunungan, tapang, at mga pamamaraan para makisalamuha sa mga tao na ito, lutasin ang mga problemang idinulot nila, o isiwalat ang masasamang gawa nila para magkaroon ng pagkilatis ang mga kapatid at hindi malihis? Ano ang pinakaangkop na paraan ng pagkilos? Kapag natatakot ka, hindi ba't mahina ang kondisyon mo? Una sa lahat, mahina at pasibo ka. Sa isang banda, wala kang malakas na pananalig sa Diyos, at sa kabilang banda, iniisip mo, "Gayon nga, nagtagumpay na ang masasamang taong ito. Paanong ako lang ang kumikilatis sa usaping ito ngayon? May pagkilatis man lang ba ang ibang tao? Kung sasabihin ko sa iba ang totoong sitwasyon, maniniwala ba sila sa akin? Kung hindi sila maniniwala sa akin, ilalantad ba nila ako? Kung magsasama-sama sila para harapin ako, at mag-isa ako at walang magawa, maghahanap ba ng kung ano-anong palusot ang masasamang taong iyon para paalisin ako?" Hindi ba't magkakaroon ka ng mga gayong alalahanin? Kapag may mga ganito kang alalahanin, paano mo haharapin ang mga taong iyon? Paano ka makikisalamuha sa kanila sa pinakaakma at pinakamarunong na paraan? Sa panahong ito, hindi ba't wala kang direksiyon o landas na susundan? Para ilarawan nang tumpak, sa panahong pinakatakot at pinakamahina ka, sadyang hindi mo kayang makipagtunggali sa kanila o makisalamuha sa kanila at pangasiwaan ang mga problemang dulot nila. Kaya, ano ang pinakamagandang hakbang para sa iyo sa oras na ito? Dapat bang manguna ka at ikaw ang unang sumugod, harapin sila at ilantad ang masasamang gawa nila para protektahan ang sarili mo? Angkop ba ang pamamaraang ito? (Hindi.) Bakit hindi ito angkop? Dahil hindi mo pa napag-iisipan nang mabuti kung paano kikilos, hindi mo makikilatis ang diwa nila, at hindi mo alam kung paano sila ilalantad, lalong hindi mo alam kung kayang tanggapin ng mga nalihis ang katotohanan at magbago ng direksyon. Hindi mo alam ang anuman sa iba't ibang bagay na ito, at hindi malinaw sa iyo kung ano ang pinakakapaki-pakinabang at epektibong solusyon para sa iyo. Kahit na hindi ka pa umaabot sa isang partikular na antas ng pagkanegatibo, ang kasalukuyan mong kondisyon sa pinakamababa, ay kondisyon ng kahinaan at pangamba, at marami kang alalahanin sa loob-loob mo. Lehitimo man o idinulot ng kahinaan o pangamba mo ang mga alalahaning ito, sa madaling salita, katunayan ang mga ito. Kapag lumitaw ang mga katunayang ito, ang pinakamagandang solusyon ay matutong maghintay at walang gawin. Ano ang ibig sabihin ng walang gawin? Ibig sabihin nito ay hindi magmadaling ilantad sa mga nalinlang ang tunay na sitwasyon tungkol sa halalan, at hindi agad-agad na kontrahin ang mga bagong nahalal na lider ng

iglesia o ang grupo ng mga tao na nagmanipula at nanggambala sa halalan. Huwag silang ilantad; sa oras na ito, dapat matuto kang maghintay. Sinasabi ng ilang tao, “Ang maghintay ay sobrang pasibo; gaano katagal ko ba kailangang maghintay?” Hindi kailangang maghintay nang masyadong matagal. Habang naghihintay ka, lumapit sa Diyos para magdasal, magbasa ng mga salita ng Diyos, at hanapin mo ang katotohanan. Sa mga gayong sitwasyon, sa panahong pinakatakot at pinakamahina ka, nagiging pinakatapat at sinsero ang mga panalangin mo. Kailangan mo ang Diyos para gabayan at protektahan ka; kailangan mong umasa sa Diyos. Habang nagdarasal ka, unti-unting mababawasan ang pangamba mo hanggang sa mawala na ito. Kapag nawala na ang pangamba mo, hindi ba’t mababawasan din ang panghihina mo? (Oo.) Mababawasan din nang mababawasan ang mga alalahanin mo. Ang mga pangamba, kahinaan, at alalahaning ito ay hindi mawawala nang basta-basta; sa halip, sa prosesong ito ng pagbabago, unti-unti mong mauunawaan ang ilang bagay. Ano ang mga bagay na mauunawaan mo? Sa isang banda, malalaman mo kung paano harapin ang mga tao na ito, kung sino ang unang ilalantad, at kung paano magsalita at kumilos sa paraang kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Dagdag pa rito, malalaman mo ang kalikasan ng pag-uugali ng mga taong ito. Paano mo mauunawaan ang mga bagay na ito? Sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan habang naghihintay ka, unti-unti mong mauunawaan ang mga ito. Kapag nakita mo na ito nang malinaw, natural na magninilay-nilay ka kung paano ka dapat gumamit ng karunungan, kung kanino angkop na makipag-usap, at kung paano magsasalita sa paraang makakaantig sa kanila, na nagtutulot sa kanila na malaman ang mga katunayan tungkol sa pagmamanipula ng masasamang tao sa halalan, at nagbibigay sa kanila ng kakayahang magbago, na makilatis ang tunay na mukha ng mga nagmanipula at nanggambala sa halalan, at makilatis kung ano talagang klaseng mga tao ang mga diumano’y nahalal na lider. Magkakaroon ka ng ganitong uri ng karunungan, at ang mga kilos mo ay magiging sistematiko rin. Kaya, paano nagaganap ang mga positibong pakinabang na ito? Lahat ng ito ay ipinagkakaloob ng Diyos sa iyo habang naghihintay ka. Ang ilan sa mga ito ay dulot ng gawain at kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at ang ilan ay ang ipinapakita at ipinapaunawa sa iyo ng Diyos sa Kanyang mga salita. Sinasabi ng mga salita ng Diyos na huwag makipaglaban nang hindi handa. Ano ang ibig sabihin nito? Ibig sabihin nito, nakikipaglaban ka man kay Satanas o inilalantad mo man ang masasamang gawa ng mga alipin ni Satanas, paano ka man makipaglaban kay Satanas, kailangang ikaw mismo ay maging malakas, kailangan maunawaan mo ang mga katotohanang prinsipyo, at makilatis mo ang diwa at masasamang gawa ni Satanas at ng masasamang tao at pagkatapos ay ilantad sila. Sa ganoong paraan mo lang makakamit ang mabubuting resulta sa huli. Kapag naunawaan mo na ang mga bagay na ito, hindi ba’t mababawasan na ang tindi at pagiging halata ng iyong mga pangamba, kahinaan, at alalahanin? Hindi ka na masyadong matatakot. Ang mga bagay na ito na nararamdaman mo ay unti-unting magbabago; mapapansin mong hindi ka na kasinghina ng dati noong unang lumitaw

ang sitwasyon. Sa halip, mararamdaman mong medyo mas malakas ka na at mas may kumpiyansa ka na sarili mo kaysa dati, at malalaman mo kung ano ang dapat mong gawin. Sa puntong ito, magdasal kang muli sa Diyos at hilingin mo sa Kanya na ihanda ang tamang pagkakataon, at pagkatapos ay kumilos ka na. Iulat ang sitwasyon sa mga nakakataas na lider at manggagawa habang nakikipagbahaginan din sa mga may mabuting pagkatao at sinserong nananampalataya sa Diyos pero mga nalinlang at nalihis dahil hindi nila nauunawaan ang katotohanan, ilantad sa kanila ang kumpidensiyal na impormasyon tungkol sa pagmamanipula ng masasamang tao sa halalan. Kapag nakumbinsi mo na ang isa o dalawa sa mga taong ito, halos mawawala na ang pangamba mo. Mapagtatanto mo na ang lahat ng ito ay hindi magagawa sa pamamagitan ng pag-asa sa lakas ng tao, lalong hindi ito magagawa sa pamamagitan ng pagpapadalos-dalos; hindi ka puwedeng umasa sa pansumandaling bugso ng damdamin o galit, o sa pansamantalang diumano'y pagpapahalaga sa katarungan—walang silbi ang lahat ng ito. Maghahanda ang Diyos ng tamang panahon para sa iyo at bibigyang-liwanag ka Niya sa kung ano ang dapat mong sabihin, at batay sa nauunawaan mo, gagabayan ka Niya sa bawat hakbang, bibigyan ka Niya ng landas na susundan. Mula sa pagiging mahina at takot sa simula, hanggang sa paghahanap at pagkaunawa sa mga prinsipyo at sa landas—sa panahong ito, puwede ka pa ring normal na makisalamuha sa masasamang tao na ito. Sa panahon ng mga normal na pakikisalamuha, hindi bakante ang isipan ng mga tao; may sarili silang mga iniisip. Habang naghahanap at nagdarasal ka, inoobserbahan mo ang mga tao na ito. Ano ang napapansin mo? Tinitingnan mo kung anong uri ng daan ang tinatahak nila at kung ano ang tunay nilang diwa. Kung ang sinasabi nila ay tama at umaayon sa mga prinsipyo ng gawain ng iglesia, puwede kang makinig sa kanila; kung ang sinasabi nila ay nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng iglesia, puwede kang maghanap ng dahilan para hindi sila pakinggan o para magpaliban muna, gamit ang isang marunong na paraan ng pakikisalamuha nang "palakaibigan" nang hindi sila naaalerto. Habang nakikisalamuha nang "palakaibigan" sa kanila, nagtitipon ka ng ebidensiya ng masasamang gawa nila, kinikilatis sila batay sa iba't ibang kilos at panlilinlang nila na labag sa mga katotohanang prinsipyo at higit pang nagpapatunay na ang mga tao na ito ay mga alipin ni Satanas. Sa pagsasagawa sa ganitong paraan, hindi ka nila malilimitahan habang tinutupad mo rin ang responsabilidad at tungkulin mo—ito ang ginagawa ng isang marunong na tao. Tanging ang mga may pagkatao, karununga, at pagmamahal sa katotohanan ang makakalakad sa tamang landas. Para sa mga tao na walang karununga na kumikilos nang walang ingat at magaspang, palaging umaasa sa pagkamainitin ng ulo at bugso ng damdamin anuman ang ginagawa nila o anumang sitwasyon ang kinakaharap nila, madalas na nagbubunga ng di-magagandang resulta ang mga kilos nila. Ang mga gayong tao ay hindi lang nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia kundi nagdudulot din ng maraming hindi kinakailangang abala at pagkayamot sa kanilang sarili. Samantala, ang marurunong na tao ay naiiba. Sa anumang ginagawa nila, naghihintay, nag-oobserba,

at naghahanap sila, naghihintay sa tamang pagkakataon, para sa mga pagsasaayos at pamamatnugot ng Diyos. Habang naghihintay, nagagawa nilang hanapin ang mga layunin ng Diyos, kumain at uminom ng mga salita ng Diyos nang may layunin, mas tumpak na maarok ang mga prinsipyo ng katotohanan, at kumilos ayon sa mga layunin ng Diyos. Ginagamit nila ang mga salita ng Diyos at ang katotohanan para makipaglaban nang mahusay at para magpatotoo sa Diyos, sa halip na makipaglaban sa mga tao o makipagtalo nang dahil sa pagkamainitin ng ulo.

Pagdating sa masasamang tao na nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan, ang pinakamahalaga ay hindi kung kaya mong makilatis ang mga taong ito o kung paano mo sila planong ilantad; ito ay ang agarang iulat ang sitwasyon sa mga nakatataas. Dapat kang gumamit ng karunungan para harapin sila, maghintay sa tamang panahon ng Diyos, dapat mong hanapin ang mga layunin ng Diyos, at hanapin ang mga katotohanang prinsipyo, habang hindi inaantala ang tungkulin mo. Ano ang pinakahuling resulta ng paggawa nito? Tinutupad mo ang responsabilidad at tungkulin mo. Sa pamamagitan ng pag-uulat ng sitwasyon sa nakatataas at paghahanap ng solusyon, hindi lang nalulutas ang problema, kundi nagkakaroon ka rin ng kabatiran, nadaragdagan ang pagkilatis at karunungan mo, lumalago ang tayog mo, at lumalakas ang pananalig mo sa Diyos. Napakaraming nakakamit ng mga tao mula sa pagharap kay Satanas at labis itong kapaki-pakinabang sa kanila. Sa kabaligtaran, ipagpalagay nang kumilos ka nang may pagkamainitin ng ulo at nang nagmamadali, nakikipag-away nang matindi sa mga taong ito at nakikipagtalo sa mga ito nang harap-harapan, sinasabi, “Minamanipula at ginagambala ninyo ang halalan. Bagama’t malakas ang kapangyarihan ninyo, hindi ako susuko sa inyo, at hindi ako natatakot sa inyo!” Ang resulta ng ganitong pamamaraan ay ang mapatalsik sa iglesia, dahil dito ay ilang buwan kang umiiyak at nagdurusa sa bahay mo; pero hindi mo pa rin nauunawaan ang mga layunin ng Diyos: “Bakit nauwi ako sa ganitong kalagayan? Ayaw Mo ba sa akin, Diyos? Wala Ka bang pakialam sa akin?” Sa loob ng maraming buwan, hindi mo napapakinggan ang mga bagong sermon at himno, hindi mo alam kung ano ang gawaing ginagawa ng iglesia, hindi mo magawa ang mga tungkulin mo, at ganap kang nahihiwalay, lubusang nalulugmok sa kadiliman. Araw-araw, bukod sa pag-iyak, ang ginagawa mo lang ay mag-alala. Hindi mo natututunang magdasal sa Diyos o kumain at uminom ng mga nauugnay na salita ng Diyos sa ganitong kapaligiran, lalong hindi mo natututunan na hanapin ang mga katotohanang prinsipyo sa masasalimuot na sitwasyon; hindi ka talaga lumalago sa karunungan. Pagkaraan ng ilang buwan ng pag-iyak, sa wakas, isang araw, may isang tao na nagbalik sa iyo sa iglesia at hiniling sa iyo na ibahagi ang karanasan mo sa panahong iyon, pero nagrereklamo ka lang habang umiiyak: “Labis akong naagrabyado! Hindi ko ginulo ang iglesia. Hindi ako masamang tao; idiniin ako ng masasamang tao.” Kapag tinanong, “Ano ang mga aral na natutunan mo sa panahong ito? May nakamit ka ba?” tumutugon ka, “Ano ang makakamit ko? Ihiniwalay nila ako, kinuha nila ang mga aklat ng mga salita ng Diyos at ng mga himno, at hindi ako

makapakinig sa anumang sermon. Ang nagawa ko lang ay magtalakay tungkol sa pananalig at kumanta minsan ng ilang himnong naaalala ko. Wala akong anumang nakamit. Mabuti na lang, naghanda ang Diyos ng tamang oras para ibalik ako; kung hindi, nagpaplano na akong lumabas at magnegosyo para kumita ng pera, dahil wala naman na akong pag-asang maligtas. Ayaw na sa akin ng Diyos, at hindi na ako makakapagpatuloy sa pananampalataya. Ganap na nasadlak sa kadiliman ang puso ko." Sa huli, idinadagdag mo, "Ang mga tupa ng Diyos ay hindi kailanman aabandonahin ng Diyos," ito ang nagiging kongklusyon mo. Ang makaranas ng napakahalaga at espesyal na pangyayari pero napakaliit ng iyong nakamit—hindi ba't medyo kaawa-awa ito? Hindi ba't hindi ito naaangkop? Nang maharap sa gayong kalaking sitwasyon, wala kang natutunang anumang aral at hindi nadagdagan ang karunungan o pananalig mo; bagama't nananampalataya ka pa rin sa Diyos sa puso mo, pinahirapan ka ng mga Satanas, diyablo, at anticristo hanggang sa halos tumigil ka na sa pananampalataya. Maaari ka pa rin bang magpatotoo sa Diyos? Hindi ba't ikaw ay walang silbing duwag? Ano ang silbi ng pag-iyak sa bahay? Kahit umiyak ka hanggang sa mabulag ka, makatutulong ba ito? Malulutas ba nito ang problema sa mga anticristo? Nagtagumpay ang masasamang tao, at sa huli, ang tanging taglay mo ay ang kasabihang, "Ang mga tupa ng Diyos ay hindi kailanman aabandonahin ng Diyos," nang walang iba pang nakakamit. Wala kang karunungan, wala kang plano ng pagkilos, at hindi mo alam kung paano hanapin ang Diyos ayon sa landas na ibinigay ng Diyos, kung paano lumapit sa Diyos para gamitin ang Kanyang mga salita at ang katotohanan para labanan si Satanas. Ang kaunting doktrina na madalas mong nililitanya ay walang pakinabang sa iyo; pagdating sa pagharap sa mga gayong usapin, bukod sa pag-iyak, ang ginagawa mo lang ay maramdaman na naagrabyado ka at magreklamo—isa itong walang silbing duwag. Madalas na may ilang pagpapamalas ang mga walang silbing duwag, na siya ring mga pangunahing katangian nila. Una, umiiyak sila. Pangalawa, pakiramdam nila ay naagrabyado sila. Pangatlo, nagrereklamo sila sa puso nila. Sa puso nila, sinasabi rin nila, "Nasaan Ka, Diyos? Bakit wala Kang pakialam sa akin? Labis akong pininsala ni Satanas, hindi ko na kayang mabuhay pa. Pakiusap, iligtas Mo ako agad!" Sabi ng Diyos, "Isa kang walang silbing duwag, isang basurang nababalot sa balat ng tao. Kung nananampalataya ka sa Diyos, ano ang ikinakatakot mo? Ano ang dapat ikatakot kay Satanas?" Kahit anong mga plano at pakana ang ginagamit ni Satanas kapag kumikilos ito, hindi tayo natatakot. Nasa atin ang Diyos, nasa atin ang katotohanan. Bibigyan tayo ng Diyos ng karunungan. Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay; ang lahat ng bagay ay nasa ilalim ng pamamatnugot ng Diyos. Ano ang ikinakatakot mo? Ang pag-iyak ay nagpapakita lang na duwag ka at walang kakayahan; isa kang basura, isang walang silbing nilalang. Ang pag-iyak ay nangangahulugang nakikipagkompromiso ka kay Satanas at nagsusumamo ka na kaawaan ka ni Satanas. Gusto ba ng Diyos ang mga gayong walang silbing duwag? (Hindi.) Nakikita ka ng Diyos bilang isang walang silbing duwag, isang hangal, isang basura, na wala man lang

patotoo at karunungan. Ano ang nangyari sa katotohanang naunawaan mo? Hindi pa ba sapat ang narinig mo tungkol sa mga pagpapamalas ng mga anticristo at ni Satanas na inilalantad ng Diyos? Hindi mo ba nauunawaan o nakikilatis ang mga bagay na ito? Hindi mo ba alam na mga Satanas sila? Kung alam mong mga Satanas sila, ano ang ikinakatakot mo? Bakit hindi ka natatakot at nangingilabot sa Diyos? Hindi ka ba natatakot na salungatin ang Diyos dahil sa takot mo kay Satanas? Hindi ba't kabuktutan iyon? Kapag nangyari ang mga gayong sitwasyon, natatakot ka at wala kang solusyon, wala ka man lang karunungan o mga kontra-hakbang. Ano ang nakamit mo sa pakikinig sa mga sermon sa loob ng maraming taon? Wala bang saysay ang lahat ng ito? Magagawa bang manindigan ng mga gayong walang silbing duwag sa kanilang patotoo? (Hindi.) Pagdating sa mga sitwasyon kung saan minamanipula at ginagambala ng mga Satanas at masasamang tao ang mga halalan, kahit nag-iisa ka lang at walang kapangyarihan, o kahit may ilang kapatid na kaisa mo sa isip, huwag kang magmadali sa pagkilos. Una, matutong maghintay. Pangalawa, matutong maghanap. Habang naghihintay at naghahanap, huwag mong talikuran ang tungkulin mo. Ano ang ibig sabihin ng paghihintay? Ibig sabihin nito ay maghintay sa paghahanda ng Diyos ng tamang oras at pagkakataon. At ano ang dapat mong hanapin? Hanapin ang mga prinsipyo at landas na dapat mong isagawa sa pananampalataya at pagsunod mo sa Diyos; hanapin kung paano kumilos nang naaayon sa mga layunin ng Diyos, at kung paano kumilos para labanan si Satanas at ang mga puwersa ng anticristo, para sa huli ay mapagtagumpayan ang mga puwersa ni Satanas at maging isang mananagumpay. Kung nag-iisa ka, kailangan mong higit na manalangin sa Diyos, maghintay, at maghanap. Kung may dalawa o tatlong tao na kaisa mo sa isip, maaari kayong magbahaginan, magdasal, maghintay, at maghanap nang magkakasama. Kapag inihanda na ng Diyos ang tamang oras, humiling sa Diyos ng lakas at karunungan, para maging angkop ang lahat ng gagawin at sasabihin mo. Sa ganitong paraan, sa isang banda, tinutupad mo ang tungkulin mo bilang isang nilikha, at sa kabilang banda, magagawa mo ring malakas at epektibong ilantad si Satanas, na lubusang maglalantad at sisira sa mga plano ng mga alipin ni Satanas at ng mga anticristo. Naaangkop ba ito? Nasabi na sa inyo ang mga pamamaraan, gawi, landas, at mga prinsipyong ito, kaya depende na sa inyo kung paano ninyo gagamitin ang mga ito. Sapat na bang malinaw ang landas na ito? (Oo.) Kung gayon, kapag nahaharap kayo sa mga gayong usapin, magsagawa kayo ayon sa prinsipyong ito. Madali itong maabot.

Sa bawat halalan sa iglesia, kapwa ang mga lider at manggagawa, pati na rin ang hinirang na mga tao ng Diyos, ay may responsabilidad at obligasyon na pangalagaan ang gawain ng halalan. Kailangang gampanan ng mga lider at manggagawa ang gawain ng pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan at sa mga prinsipyong panghalalan; dapat namang ilahad ng hinirang na mga tao ng Diyos ang anumang mga isyung mayroon sila, at pagkatapos ay dapat pagbahaginan ang katotohanan para malutas ang mga isyung ito. Sa ganitong paraan lang masisigurong maayos na maisasagawa ang halalan. Sa isang banda, ang mga lider at manggagawa ay dapat mahigpit na sumunod

sa mga prinsipyong panghalalan ng sambahayan ng Diyos at isagawa ang gawain ng bawat halalan sa sambahayan ng Diyos nang batay sa mga prinsipyong ito. Sa kabilang banda, kailangan din nilang maging mapagbantay laban sa masasamang tao at mga anticristo na nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan. Ang mga indibidwal na ito ay mga alipin ni Satanas, mga kasabwat sila ni Satanas. Dapat mahigpit na maging mapagbantay ang mga lider at manggagawa laban sa mga ito at maging maingat sa mga ito, manatiling mapagmatyag laban sa mga pagtatangka ng mga ito na manipulahin ang mga bagay-bagay sa panahon ng halalan kapag walang nakakakita o gumawa ng mga lihim, sikretong galaw para dayain ang proseso nang walang nakakaalam. Kung lumabas na talagang namanipula ng masasamang tao ang halalan, na nagresulta sa pagkakabukod sa karapat-dapat na mahalal at sa pagkakalihis ng karamihan ng tao, kaya ang maling indibidwal—isang indibidwal na hindi karapat-dapat sa posisyon—ang nahalal bilang lider, kung mangyari ang gayong sitwasyon, may solusyon pa rin. Dapat ilantad ang tunay na sitwasyon ng nahalal na tao. Kung sumasang-ayon ang karamihan ng tao, puwedeng ulitin ang halalan. Ang isang halalan na namanipula ni Satanas at ng masasamang tao ay hindi resulta ng isang halalang isinagawa nang normal ng iglesia nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Hindi ito isang positibong bagay, at sa malao't madali, ito ay masisiwalat, malalantad, at mapapawalang-bisa. Sa paniniwala rito, kung mahaharap ka sa mga gayong sitwasyon, paano ka dapat kumilos? Dapat kang maging handang labanan si Satanas sa anumang oras at saanmang lugar, at huwag maging patulog-tulog sa pansitan. Kung isa kang lampa, isang tao na magulo ang isip, o isang walang silbing duwag, maaaring makipagkompromiso o makipagsabwatan ka sa kanila, o maaaring madurog ka nila nang husto hanggang sa maging negatibo ka na at hindi na makabangon. Ang ilang tao ay patulog-tulog lang sa pansitan, sinasabi nila, "Hindi rin naman ako puwedeng maging lider ng iglesia. Kahit sino pa ang maglingkod, pareho lang din naman. Kung sinumang may abilidad, sige na, maglingkod na kayo! Kung gusto ng isang anticristo na maglingkod, wala itong kinalaman sa akin, basta't hindi nila ako papaalisin, ayos na iyon." Walang kuwenta ang mga taong nagsasabi nito. Hindi nila maisip kung ano ang mga magiging kahihinatnan kung maglilingkod bilang lider ang isang anticristo, ni kung ano ang magiging epekto nito sa pananampalataya nila sa Diyos at sa kaligtasan nila. Tanging ang mga taong nakakaunawa sa katotohanan ang nakakakita sa kung ano talaga ito. Sasabihin nila: "Kung isang anticristo ang magiging lider ng iglesia, ang hinirang na mga tao ng Diyos ang magdurusa. Sa partikular, iyong mga naghahangad sa katotohanan, may pagpapahalaga sa katarungan, at mga handang gumawa ng tungkulin nila, ay pawang masusupil at maibubukod. Tanging ang mga tao na magulo ang isip at ang mapagpalugod ng mga tao ang makikinabang, at sila ay makukulong at mapapasailalim sa kontrol ng kapangyarihan ng anticristo." Pero hindi kailanman isinasaalang-alang ng mga hindi naghahangad sa katotohanan ang mga bagay na ito. Iniisip nila: "Nananampalataya sa Diyos ang isang tao para maligtas. Ang lahat ay tumatahak sa sarili nilang landas.

Kahit isang anticristo pa ang maging lider, wala itong magiging epekto sa akin. Hangga't hindi ako gumagawa ng masasamang bagay, hindi nila ako masusupil o maibubukod, o mapapaalis sa iglesia." Ito ba ang tamang pananaw? (Hindi.) Kung walang kahit sino sa hinirang na mga tao ng Diyos ang nagmamalasakit sa mga halalan ng iglesia, sa sandaling hayaan nila ang isang anticristo na humawak ng kapangyarihan, ano ang mga magiging kahihinatnan? Talaga nga bang magiging kasingsimple ito ng inaakala ng mga tao? Anong uri ng mga pagbabago ang pagdaraanan ng buhay iglesia? May direktang kinalaman ito sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung isang anticristo ang may hawak ng kapangyarihan sa isang iglesia, ano ang mangyayari? Hindi na maghahari ang katotohanan sa iglesiang iyon, ni ang mga salita ng Diyos—sa halip, ang mga hindi mananampalataya at si Satanas ang hahawak ng kapangyarihan doon. Bagama't maaaring binabasa pa rin ang mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon, kontrolado ng anticristo ang karapatang magsalita. Maibabahagi ba nang malinaw ng anticristo ang tungkol sa katotohanan? Mapapayagan ba ng anticristo na makapagbahaginan ang hinirang na mga tao ng Diyos tungkol sa katotohanan nang malaya at hayagan? Imposible iyon. Kapag nagkaroon ng kapangyarihan ang isang anticristo, darami nang darami ang mga paggambala at panggugulo, bababa nang bababa ang mga resulta ng buhay iglesia, at kakaunti ang maaani ng hinirang na mga tao ng Diyos kapag nagtitipon sila, na magdudulot ng mga suliranin sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang mga problema ng hinirang na mga tao ng Diyos ay darami rin at hindi malulutas, at mababagabag din ang ilan na kayang magsagawa ng katotohanan; ganap na magbabago ang atmospera ng buhay iglesia, para bang tinakpan ng madidilim na ulap ang araw. Magiging kasiya-siya pa ba ang buhay iglesia kapag nagkagayon? Tiyak na lubhang makokompromiso ito. Sa iglesia, minorya ang mga naghahangad sa katotohanan. Kung susupilin at ibubukod ang minoryang ito, masasabing mawawala na ang buhay iglesia. Kung hindi makilatis ng mga tao ang kahihinatnang ito, hindi nila bibigyang-pansin ang halalan o hindi sila magmamalasakit dito. Kung ang karamihan ng tao ay hindi seryosong isinasaalang-alang ang halalan, hindi sumusunod sa mga prinsipyo, tinatrato ang mga halalan nang napakanegatibo, at ginagaya ang mga huwad na lider at mga anticristo, kapag ang masasamang tao o ang mga hindi nagmamahal sa katotohanan ang naging mga lider ng iglesia, ang karamihan sa hinirang na mga tao ng Diyos ay magdurusa ng kawalan sa kanilang buhay pagpasok. Samakatwid, ang mga resulta ng mga halalan sa iglesia ay direktang nakakaapekto sa paglago sa buhay ng hinirang na mga tao ng Diyos at sa kinabukasan ng iglesia. Dapat malinaw itong makita ng hinirang na mga tao ng Diyos at hinding-hindi sila dapat magkaroon ng negatibong saloobin. Hindi makilatis ng ilang tao na magulo ang isip ang usaping ito; palagi silang umaasa sa sarili nilang mga imahinasyon, iniisip nila, "Ang lahat ng tao sa iglesia ay sinserong mananampalataya, kaya puwedeng mahalal ang kahit sino; basta't isa siyang kapatid, kahit sino ay puwedeng maging lider." Masyadong simple ang pagtingin nila sa mga halalan sa iglesia, na nagreresulta sa maraming negatibo, maling ideya at pananaw. Kung ang mga

huwad na lider at anticristo ay tunay na mahahalal bilang mga lider at manggagawa, mapipinsala ang gawain ng iglesia, at hindi maiiwasang mapipinsala ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sa panahong iyon, mapagtatanto ng mga tao kung gaano kahalaga ang pagsasagawa ng mga halalan nang ayon sa mga prinsipyo.

May mga mapagpalugod ng mga tao sa bawat iglesia. Walang pagkilatis ang mga taong ito sa masasamang tao na nagmamanipula at nanggagambala sa mga halalan. Kahit na mayroon silang kaunting pagkilatis, hindi nila ito pinapansin. Ang kanilang saloobin sa mga isyu na lumilitaw sa mga halalan sa iglesia ay “Hayaan lang ang mga bagay-bagay kung hindi naman personal na nakakaapekto ang mga ito sa iyo.” Iniisip nila na hindi mahalaga kung sino ang magiging lider, na wala itong kinalaman sa kanila. Hangga’t masaya silang namumuhay araw-araw, ayos na sila. Ano ang tingin mo sa ganitong mga tao? Sila ba ay mga tao na nagmamahal sa katotohanan? (Hindi.) Anong uri sila ng tao? Sila ay mga mapagpalugod ng mga tao, at maaari din silang tawaging mga hindi mananampalataya. Ang mga taong ito ay hindi naghahangad sa katotohanan; ang gusto lang nila ay mamuhay nang magaan, nag-iimbot ng kaginhawahan sa laman. Masyado silang makasarili at tuso. Marami bang gayong tao sa lipunan? Anumang pampolitikang partido ang nasa kapangyarihan, kahit sino ang nasa posisyon, sila ay gustong-gusto ng mga tao, mahusay nilang napapamahalaan ang kanilang mga ugnayang panlipunan, at namumuhay sila nang komportable; kahit anong kilusang pampolitika ang lumitaw, hindi sila naiipit dito. Anong uri ng mga tao ito? Ang mga ito ang pinakamapanlinlang, pinakatuso na mga tao, kilala bilang “mga tusong tao” at “mga matandang ahas.” Namumuhay sila ayon sa mga pilosopiya ni Satanas, nang wala ni katiting na prinsipyo. Kung sino man ang nasa kapangyarihan, iyon ang kanilang nilalapitan, binobola, ipinagdiriwang nila ang kabutihan nito. Wala silang ibang ginagawa kundi ipagtanggol ang mga nakatataas sa kanila, at hindi nila kailanman sinasalungat ang mga ito. Gaano man kalaki ang kasamaang ginagawa ng mga nakatataas sa kanila, hindi nila ito sinasalungat ni sinusuportahan, kundi itinatago nila ang kanilang mga iniisip sa kanilang kaibuturan. Gustong-gusto sila ng mga tao kahit sino pa ang nasa kapangyarihan. Gusto ni Satanas at ng mga diyablong hari ang ganitong uri ng tao. Bakit gusto ng mga diyablong hari ang ganitong uri ng tao? Dahil hindi nila sinisira ang mga gawain ng mga diyablong hari at hindi sila nagiging banta sa mga ito. Walang prinsipyo ang ganitong uri ng tao at walang batayan sa kanilang sariling asal, at walang integridad at dignidad; sumusunod lamang sila sa mga kalakaran ng lipunan at yumuyukod sa mga diyablong hari, umaayon sa mga panlasa ng mga ito. Hindi ba’t mayroon ding gayong mga tao sa iglesia? Maaari bang maging mga mananagumpay ang gayong mga tao? Mabubuting sundalo ba sila ni Cristo? Mga saksi ba sila sa Diyos? Kapag nagpapakita ng kanilang kapangyarihan ang mga masamang tao at anticristo at ginugulo nila ang gawain ng iglesia, makakaya bang tumindig ng gayong mga tao at makipaglaban sa kanila, ilantad, kilatisin, at itakwil sila, itigil ang kanilang masasamang gawa at magpatotoo sa Diyos? Tiyak na hindi. Ang mga tusong tao na ito ay hindi iyong mga gagawing perpekto

o ililigtas ng Diyos. Hindi sila kailanman nagpapatotoo sa Diyos o hindi nila kailanman itinataguyod ang mga interes ng Kanyang sambahayan. Sa nakikita ng Diyos, ang mga taong ito ay hindi iyong mga sumusunod o nagpapasakop sa Kanya, kundi mga taong bulag na gumagawa ng gulo, mga miyembro ng pangkat ni Satanas—sila ang mga ititiwalag Niya kapag natapos na ang Kanyang gawain. Hindi pinahahalagahan ng Diyos ang gayong mga sawing-palad. Wala sila ng katotohanan o buhay; sila ay mga hayop at diyablo; hindi sila karapat-dapat sa pagliligtas ng Diyos at sa pagtatamasa ng pagmamahal Niya. Kaya, madaling isinasantabi at itinitiwalag ng Diyos ang mga gayong tao, at dapat na maagap silang paalisin ng iglesia bilang mga hindi mananampalataya. Wala silang tunay na puso para sa Diyos, kung gayon, bibigyan ba sila ng tunay na panustos ng Diyos? Bibigyang-liwanag at tutulungan ba sila ng Diyos? Hindi. Kapag nangyayari ang mga pakikialam at panggugulo sa mga halalan sa iglesia, at kontrolado at naiimpluwensiyahan ng masasamang tao ang mga resulta ng halalan, tiyak na hindi papanig sa Diyos ang mga taong ito upang protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Tiyak na hindi sila susunod sa mga katotohanang prinsipyo upang labanan ang masasamang tao at mga anticristo, at upang labanan ang mga puwersa ni Satanas hanggang sa huli. Tiyak na hindi nila gagawin ito, wala silang tapang. Samakatwid, dapat na kilatisin ng mga nakakapagpatotoo sa Diyos ang mga taong ito at hindi nila dapat ibahagi sa mga taong ito ang mga katotohanang nauunawaan nila o ang pagkilatis nila kay Satanas. Kahit pa ibahagi mo ang mga bagay na ito sa kanila, magiging walang silbi ito; hindi sila papanig sa katotohanan. Kapag pumipili ng mga katrabaho at mga katuwang, dapat mong ibukod ang mga gayong tao at huwag silang piliin. Bakit hindi mo sila dapat piliin? Dahil sila ay mga tusong tao; hindi sila papanig sa Diyos, hindi papanig sa katotohanan, at hindi makikipagkaisa sa iyo sa puso at isipan upang kalabanin si Satanas. Kung ipagtatapat mo sa kanila ang iyong mga taos-pusong salita, hangal ka at magiging katatawanan ni Satanas. Huwag ibahagi ang katotohanan o mag-alok ng mga payo sa mga gayong tao, at huwag silang asahan, dahil hinding-hindi inililigtas ng Diyos ang mga taong ito. Hindi sila mga taong kaisa ng Diyos sa puso at isipan; mga tagapanood lamang sila na nanonood ng labanan mula sa malayo; sila ay mga tusong tao. Pinapasok ng mga ganitong uri ng tao ang sambahayan ng Diyos upang manood lamang ng nakakasabik na kaganapan at bulag na gumagawa ng gulo. Wala silang pagpapahalaga sa katarungan at walang pagpapahalaga sa responsabilidad; wala man lang silang simpatya para sa mababuting tao na pinipinsala ng masasamang tao. Pinakaangkop na tawagin ang mga gayong tao na mga diyablo at Satanas. Kung ilalantad ng isang taong may pagpapahalaga sa katarungan ang masasamang tao, hindi man lang sila papalakpak o susuporta sa mga ito. Kaya, huwag kailanman pagkatiwalaan ang mga taong ito; sila ay mga tusong tao, mga balimbing, mga matandang ahas. Hindi sila mga taos-pusong mananampalataya sa Diyos kundi mga alipin ni Satanas. Hindi kailanman maliligtas ang mga taong ito, at ayaw sa kanila ng Diyos; ito ang malinaw na pagnanais ng Diyos. Marahil ay may gayong mga tao sa karamihan ng iglesia. Tingnan sa inyong

iglesia kung sino-sino sila. Kapag may mga nangyayari, huwag makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan kailanman, at huwag ipaalam sa kanila kung ano talaga ang nangyayari sa iyo. Mag-ingat sa mga gayong tao at huwag makipag-ugnayan sa kanila. Hanapin ang mga totoong nananampalataya sa Diyos at may pagpapahalaga sa katarungan—kapag nakikita nilang napipinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, na nagugulo o namamanipula ang gawain ng iglesia at ang kaayusan ng buhay iglesia, nababalisa at nagagalit sila; labis silang namumuhi sa masasamang taong ito na nanggugulo sa iglesia; gusto nilang tumindig at ilantad ang masasamang tao, at sabik silang makahanap ng mga taong nakakaunawa sa katotohanan para maging kaisa nila at labanan ang masasamang demonyo. Makipagbahaginan sa mga gayong tao at makipagkaisa sa mga ito para labanan si Satanas. Ang mga taong ito ang mga mananagumpay, ang mabubuting sundalo ni Cristo; tanging ang mga taong ito ang may bahagi sa kaharian ni Cristo. Iyong mga mapagpalugod ng mga tao, mga matandang ahas, mga balimbing, at iyong mga manhid at mapurol ang utak ay pawang nabunyag na; sila ang mga dapat itiwalag. Hindi sila mga kapatid, hindi sila mga tao ng sambahayan ng Diyos, kundi mga hindi mananampalataya at mga oportunistang hindi karapat-dapat na pagkatiwalaan. Ganito ang paraan ng pangangasiwa sa mga taong ito: Kung kaya nilang gumawa ng kasamaan, alisin sila; kung hindi naman sila masasamang tao at hindi sumusunod sa masasamang tao para guluhin ang iglesia, puwede silang pansamantalang manatili sa iglesia habang hinihintay mo ang pagsisisi nila. Sa isang banda, obserbahan at arukin ang mga disposisyon, pagkatao, at mga pananaw at saloobin ng mga taong ito sa iba't ibang usapin, at maging mapagkilatis, alamin ang diwa ng mga gayong tao. Kasabay nito, kapag minamanipula at ginagambala ng masasamang tao ang mga halalan, maging mapagmatyag sa mga mapagpalugod ng mga tao na ito na pumapanig sa masasamang tao, na kumikilos bilang mga alipores at kasabwat ng mga ito. Sa madaling salita, para sa lahat ng hindi tamang asal ng masasamang tao na nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan, kailangang maging mapagkilatis batay sa mga salita ng Diyos; kapag malinaw mong nakikita ang diwa nila, malalaman mo kung paano angkop na pangangasiwaan ang mga ito nang ayon sa mga prinsipyo.

Kani-kanina lang, nagbahaginan tayo tungkol sa ilang penomeno ng pagmamanipula at paggambala ng mga halalan at ilang kilos ng mga tao. Bagama't hindi natalakay ang lahat ng aspekto, halos napagbahaginan na ang mga prinsipyo para malutas ang mga isyung ito. Kapag natuklasan ninyo na may mga tao sa loob ng iglesia na nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan, dapat kayong tumindig at dapat ninyong pigilan sila. Huwag itong hayaan o huwag kumilos na gaya ng mga mapagpalugod ng mga tao. Kung may sinumang laging nagtatangka na magmanipula at manggambala ng mga halalan, sa sandaling lumitaw ang tendensiyang ito, dapat sama-samang tumindig ang mga kapatid para pigilan at ilantad sila. Kung ginagawa nila ito dahil sa pagkalito, at hindi nila alam na maituturing ito na pagmamanipula at paggambala ng mga halalan, puwede ninyo silang paliwanagan: "Ang ginagawa mo ay pagmamanipula at paggambala sa mga

halalan. Huwag mong gampanan ang papel ng alipin ni Satanas. Ito ay halalan ng mga lider ng iglesia, hindi halalan ng mga alkalde o kapitan ng barangay. Ang sambahayan ng Diyos ay may sariling mga regulasyon at mga prinsipyo sa paggawa ng gawaing ito. Hindi dapat ihalo ang mga personal na intensiyon ng tao; dapat nating mahigpit na sundin ang mga katotohanang prinsipyo sa gawaing ito. Kung mahina ang kakayahan mo at hindi mo maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, o kung matanda ka na at magulo ang isip, kung wala ka ng talino na kailangan para lumahok sa mga halalan, puwede kang walang iboto at maghintay na lang sa resulta, pero huwag na huwag mong manipulahin o gambalain ang halalan, o makialam at magdulot ng mga kaguluhan; masasamang gawa ang mga ito, at kinasusuklaman ito ng Diyos. Ang gayong masasamang gawa ay kinokondena magpakailanman; huwag na huwag maging gayong uri ng tao o huwag sundan ang landas na ito. Kung tunay kang tao, huwag lumahok sa pagmamanipula at paggambala ng mga halalan, dahil kapag naging katunayan na ito, mailalarawan ka na bilang isang alipin ni Satanas at papaalisin ka sa iglesia.” Kung matutuklasan ang mga taong nagmamanipula at nanggagambala ng mga halalan, ang mga may mahinang kakayahan na hindi nauunawaan ang aktuwal na nangyari ay maaaring pagbahaginan nang may pagmamahal, suportahan, tustusan, at tulungan. Pero paano naman ang mga taong, kahit na alam na alam nila ang mga katotohanang prinsipyo, ay sinasadya pa ring manipulahin at gambalain ang halalan, binabalewala pa nga ang mga paalala laban dito? May solusyon din para sa kanila: Hindi na sila papayagang lumahok sa mga halalan; alisan sila ng karapatang bumoto. Sa madaling salita, ang lahat ng kilos ng pagmamanipula at paggambala ng mga halalan ay dapat na kilatisin, pigilan, at higpitan para maitama ang sitwasyon. Hindi dapat pahintulutang umiral sa iglesia ang mga gayong asal at kilos, para maiwasan ang mga maling resulta sa halalan at ang magulo at mapinsala ang gawain ng iglesia.

Isang Pagbubuod sa Iba’t Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nagdudulot ng mga Pagkagambala at Kaguluhan

Ang ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay kaugnay sa iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay na gumagambala at gumugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Hinati natin ang mga ito sa labing-isang isyu para sa pagbabahaginan. Ang mga problema o insidente ng mga paggambala at panggugulo na nakalista sa bawat isyu ay may kaugnayan sa paggampan ng tungkulin ng mga tao at sa kanilang tunay na pananalig sa Diyos. Bakit ba hinati ang mga ito nang napakametikuloso? Bakit Ko ba binabanggit ang bawat isyu para pagbahaginan at himayin? Batay sa pamagat ng bawat isyu, hindi mabuti ang pagkatao ng mga taong gumagawa ng mga bagay na ito. Maliban sa unang isyu—madalas na lumilihis sa paksa kapag nakikipagbahaginan sa katotohanan, na hindi itinuturing na malubha—ang lahat ng iba pa ay may labis na malubhang kalikasan. Ang lahat ng pagpapamalas na ito ay may kalikasan ng pagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan, at lahat ng ito ay

nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia, kaya isa-isa nating pinagbabahaginan at hinihimay ang mga ito. Kapag lumitaw ang mga isyung ito sa buhay iglesia o sa proseso ng paggawa ng tungkulin ng isang tao, ang mga tao ay kailangang maging napakaalerto at makakilatis at malinaw na makaunawa sa mga ito. Kapag nakikita ng mga tao ang mga gayong pangyayari na nagdudulot ng pagkagambala at kaguluhan, dapat silang tumindig para pigilan at hadlangan ang mga ito. Tungkol sa unang isyu, “madalas na paglihis sa paksa kapag nakikipagbahaginan sa katotohanan,” minsan ay ginagawa ito ng mga tao nang hindi sinasadya, at hindi naman masyadong seryoso ang sangkot na sitwasyon at ang kalikasan nito. Pero kung palagi silang lumilihis sa paksa at nagsasalita nang hindi maintindihan, na nagiging sanhi ng pagkainis ng mga nakikinig sa kanila, at sa gayon ay walang mabuting resultang nakakamit sa buhay iglesia, humahantong ito sa mga kahihinatnan ng paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia. Ang mga natitirang isyu ay hindi na kailangang banggitin pa; ang alinman sa mga ito ay sapat na para magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia at sa kaayusan ng buhay iglesia. Samakatwid, kinakailangang pagbahaginan, suriin, at himayin ang bawat isyung ito nang detalyado. Kapag may nangyayaring mga mapaminsalang insidente, kung may pagkilatis at kaalaman ka sa masasamang gawa na nanggugulo sa iglesia, dapat kang tumindig para pigilan at higpitan ang mga ito. Sa mas pangkalahatang pananaw, ito ay paggawa sa tungkulin ng isang nilikha; sa mas partikular na pananaw naman, sa pinakamababa, ito ay pagtupad sa tungkulin at responsabilidad bilang isang miyembro ng iglesia. Hindi ba’t ito ang dapat mong magawa? (Oo.) Kung hindi mo ito magawa, ano ba ang mga kahihinatnan? Paano ba natin dapat ilarawan ang kawalan mo ng kakayahang gawin ito? Sa pinakamababa, nangangahulugan ito na magulo ang isip mo; higit pa rito, isa kang walang silbing duwag, takot kay Satanas. Dagdag pa rito, kapag nagpapakita ang mga Satanas at diyablo para guluhin ang gawain ng Diyos at ang normal na kaayusan ng iglesia, nananatili kang walang pakialam at walang magawa, walang ipinapakitang reaksyon, at wala kang pananalig at tapang na tumindig at labanan si Satanas at magpatotoo sa Diyos. Kung gayon, isa kang walang silbing tao, hindi karapat-dapat na maging tagasunod ng Diyos.

Ang ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay nagdedetalye ng iba’t ibang uri ng mga insidente sa iglesia na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng Diyos. May kinalaman ang bawat insidente sa mga saloobin ng mga lider at manggagawa, pati na rin ng mga ordinaryong kapatid, patungkol sa Diyos. May kinalaman din ito sa saloobin ng bawat tao sa tungkulin at mga responsabilidad nila, gayundin sa paninindigan at pananaw nila tungkol sa mga negatibong pangyayari at bagay na ito na nakakagulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Siyempre, may kinalaman din ito sa kung ang isang taong maraming taon nang nananampalataya sa Diyos at nakikinig sa mga sermon ay may sapat na tayog at pananalig para labanan si Satanas at magpatotoo sa Diyos kapag lumilitaw ang mga negatibong pangyayari at bagay na ito. Tinatalakay ba nito ang mahahalagang isyu? Tinatalakay nito ang paninindigan ng isang tao at ang

landas na tinatahak niya, pati na ang saloobin niya sa Diyos, sa katotohanan, at sa tungkulin niya. Samakatwid, pagkatapos marinig ang mga salitang ito, dapat ninyong maunawaan na ito ang mga hinihingi ng Diyos sa mga tao. Huwag ninyong ituring ang mga ito bilang mga doktrina, alituntunin, o regulasyon na kailangang ipatupad at isakatuparan, bagkus ay pagnilay-nilayan ninyo ang mga ito para maunawaan ninyo ang katotohanan, at pagkatapos ay isagawa at pasukin ninyo ang mga ito, sa gayon ay matugunan ang mga hinihingi ng Diyos. Kapag nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia ang masasamang tao, huwag kayong patulog-tulog sa pansitan, huwag iwasan ang mga responsabilidad ninyo gamit ang iba't ibang dahilan, sabihing saglit pa lang kayong nananampalataya sa Diyos, maliit pa ang tayog ninyo, o na bata pa kayo, atbp. Kapag sinusuri ng Diyos ang gawain, kapag naghahanda Siya ng mga kapaligiran para makita ang saloobin mo, hindi Niya tinitingnan ang edad mo, kung ilang taon ka nang nananampalataya sa Kanya, o kung ano ang halagang minsan mong ibinayad at kung anong mga merito ang nakamit mo; gustong makita ng Diyos ang kasalukuyan mong saloobin. Kung karaniwan ay hinding-hindi mo pinagninilayan o hinahanap ang mga usaping ito, at pinagdaraanan mo lang ang bawat usapin nang may magulong isipan at nang walang natatandaan, nang hindi hinahanap ang katotohanan, nang hindi natututunan ang dapat mong matutunan, o nang hindi sineseryoso ang iba't ibang kapaligiran na inihanda ng Diyos, kung tumatakas ka kapag nakikita mong nanggugulo at nanggagambala ang masasamang tao, at hindi mo ito kailanman iniuulat sa sambahayan ng Diyos o hindi mo ipinapakita ang saloobin mo, kung gayon, kahit hindi ka nakilahok sa paggawa ng masama, ang asal mo sa usaping ito ay nagbubunyag na sa paninindigan at pananaw mo—isa kang tambay, na pumapanig kay Satanas. Sinisiyasat ng Diyos ang lahat ng bagay, at hindi mo Siya malilinlang. Kaya, kapag nangyayari ang mga negatibong usaping ito, kapag nakakatuklas ka ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng iglesia at sa normal na kaayusan ng buhay iglesia, malinaw nitong ibinubunyag ang saloobin mo sa Diyos. Maaaring saglit ka pa lang na nananampalataya sa Diyos, maaaring medyo bata ka pa, at maliit ang tayog mo, pero kung kumikilos ka ayon sa mga prinsipyo kapag nangyayari ang mga bagay na ito, at kung sinusubukan mong pigilan, limitahan, o ilantad pa nga ang masasamang tao, kung sumusugal ka at inilalagay ang sarili mo sa panganib para tumindig at protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos—kung may ganito kang puso, kung gayon, ang saloobin mo sa Diyos, pati na ang determinasyon mong magpatotoo sa Diyos at labanan si Satanas, ay magiging isang patotoong makikita ng mga tao at ng Diyos. Ang masasamang gawa ng mga tao, ang panloloko at pagtatago nila sa Diyos, ang pag-iwas nila sa mga responsabilidad, ang pagsuko at pakikipagkompromiso nila kay Satanas kapag gumagawa ito ng kasamaan—makikita ng Diyos ang lahat ng ito, at pangangasiwaan at hahatulan ang masasamang gawang ito balang araw. Pero gayundin, kapag ang mga tao ay tumitindig laban sa mga panggagambala at panggugulo ni Satanas para magsalita para sa sambahayan ng

Diyos at sa mga kapatid, at lumalaban kay Satanas para protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, naghahangad sa katotohanan nang may kapasyahan na magpatotoo sa Diyos, kahit minsan ay nararamdaman nilang wala silang magawa at na mag-isa sila, kulang ng karunungan, mababaw lang ang pagkaunawa sa katotohanan, o na gusto nilang makipagbahaginan sa katotohanan pero hindi nila maipahayag nang malinaw ang sarili nila, na nagiging dahilan para kutyain o hamakin sila ng iba—nakikita ng Diyos ang sinseridad nila, at itinuturing Niya ang mga kilos at asal na ito bilang mabubuting gawa. Balang araw, hahatulan at magwawakas ang masasamang gawa sa harap ng Diyos, at gayundin ang mabubuting gawa—pero ang huling kongklusyon ng dalawang uri ng pag-asal na ito ay ganap na magiging magkaiba. Ang masasamang gawa ay makakatanggap ng nararapat na parusa, at ang mabubuting gawa ay susuklian ng mabubuting pagtrato. Matagal na itong itinakda ng Diyos para sa bawat tao, naghihintay lang Siya na ang iba't ibang pagpapamalas ng mga tao sa panahon ng gawain ng Diyos ay maging mga tiyak na katunayan bago Niya gantimpalaan ang mabuti at parusahan ang masama.

Ang ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay nagdedetalye ng labing-isang isyu tungkol sa mga tao, pangyayari, at bagay na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng iglesia. Mahalaga ba ang labing-isang isyung ito? Malinaw bang ibinubunyag ng mga ito ang mga tao? Kapag nagbabahaginan kayo tungkol sa bawat isyu, dapat mas pagsumikapan ninyo ito para malinaw ninyong maunawaan ang katotohanan. May kinalaman ito sa kung paano itinataguyod ng mga tao ang katarungan at mga positibong bagay, at kung paano nila itinataguyod ang patotoo ng Diyos; may kinalaman din ito sa kung paano tumitindig ang mga tao para labanan si Satanas, ilantad at ibunyag ang mukha ni Satanas, at pigilan at limitahan ang masasamang gawa ni Satanas—ito ang dalawang aspektong may kinalaman dito. Kapag ginagambala at ginugulo ni Satanas ang gawain ng iglesia, may ginagampanan ka bang papel? Anong papel ang ginagampanan mo? Nagawa mo na ba ang hinihingi ng Diyos sa iyo? Natupad mo na ba ang mga obligasyon at responsabilidad na dapat tuparin ng isang tagasunod ng Diyos? Kapag lumilitaw ang mga isyung ito, nakikipagkompromiso ka ba, tinatabunan mo ba ang problema, at pinipili mo bang maging nyutral bilang isang mapagpalugod ng tao, o tumitindig ka ba para pigilan at limitahan ang masasamang gawa ni Satanas, nakikipagtulungan ka ba sa mas maraming tunay na kapatid para protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Ano ang pinoprotektahan mo? Pinoprotektahan mo ba ang interes ng masasamang tao, ang mga interes ni Satanas, o ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Kung may nangyaring anumang nakakagambala o nakakagulo sa gawain ng iglesia, at wala kang ginagawa, kumikilos lang bilang isang mapagpalugod ng tao at pinoprotektahan ang sarili mo, sinisiguradong matagumpay mong napapangasiwaan ang mga ugnayan mo sa mga tao at hindi ka napipinsala, nang hindi kailanman nag-aalala o nababalisa na nagugulo ang gawain ng iglesia, nang walang anumang pagkamuhi o galit sa masasamang gawa ng masasamang tao, nang walang anumang pasanin para sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng lahat ng kapatid, nang walang anumang

pakiramdam ng pagkakautang sa Diyos, at nang walang anumang pakiramdam ng pagsaway sa sarili, nasa panganib ka. Kung sa pananaw ng Diyos ay isa ka talagang mapagpalugod ng tao, pasibong nagmamasid sa kung anumang nangyayari nang nakahalukipkip at umiiwas dito, at hindi tinutupad ang anumang mga responsabilidad o obligasyon mo, tunay na nasa panganib ka at malamang na itiwalag ka ng Diyos. Kung maisip ng Diyos na huwag ka nang pahintulutan na magtrabaho man lang, at nayayamot na Siya sa iyo, sa puntong ito, nakatadhana ka nang matiwalag, na siyang napakamapanganib! Kapag sinabi ng Diyos na ayaw na Niyang makita ang mga taong katulad mo, at na hindi Niya pinapahalagahan ang mga taong tulad mo na gumagawa ng anumang tungkulin o nagtatrabaho sa sambahayan ng Diyos, maaari kang itiwalag ng iglesia balang araw, sa hindi malayong hinaharap, na magpapabago sa kapalaran mo. Iyon ay dahil hindi na normal ang ugnayan mo sa Diyos o lumayo ka na sa Diyos at ipinagkanulo mo Siya, at humantong ito sa isang resulta. Nakikita mo ba ang katunayang ito? Kapag napagtanto mo ang katunayang ito, natatanggap mo man ito o hindi, maglalaho sa isang iglap ang lahat ng magandang inaasam mo sa puso mo.

Kapag unang nananampalataya sa Diyos ang mga tao, may masigasig na puso silang lahat. Bagama't hindi nila makita ang hantungan nila sa hinaharap o ang kinabukasan nila, palagi silang nakakaramdam ng isang uri ng pagsandig sa Diyos. Palagi nilang inaasam ang mga maganda at positibong bagay. Saan ba nagmumula ang lakas na ito? Hindi alam ng mga tao; hindi nila ito maintindihan: "Pare-pareho lang ang mga tao, lahat ay nabubuhay sa iisang hangin at sa ilalim ng iisang araw. Kaya, bakit wala ng mga ganitong bagay sa puso nila ang mga walang pananampalataya, samantalang tayo ay mayroon?" Hindi ba't isa itong misteryo? Ang lakas na ito ay nagmumula sa Diyos. Isa itong lubhang napakahalagang bagay; hindi ito isang bagay na taglay na ng mga tao mula nang ipanganak sila. Kung taglay na ito ng lahat ng tao mula pa noong ipanganak sila, magiging pare-pareho sila; sa sangkatauhan ay walang magiging pagkakaiba sa pagitan ng mataas o mababa, marangal o hamak, at wala nang magiging pagkakaiba sa pagitan ng mga nananampalataya sa Diyos at sa mga hindi nananampalataya. Ang wala sa kanila, maaaring magkaroon ka; maaaring magkaroon ka ng pinakamahalagang bagay na umiiral sa sangkatauhan. Bakit ito tinatawag na pinakamahalagang bagay? Dahil mismo sa pag-asa at inaasahang ito, nagagawa mong ituon ang isip mo sa paggawa ng mga tungkulin mo sa sambahayan ng Diyos. Ito ang pinakapundamental na kondisyon para matamo ng isang tao ang kaligtasan. Dahil sa inaasahang ito kaya may pagkakataon ka, at kaunting kapasyahan na gumugol para sa Diyos, na gawin ang tungkulin mo bilang isang nilikha at maging isang mabuting tao, isang taong naligtas. Sadyang napakalaki ng mga pakinabang na naidudulot nito. Kaya, saan ba nanggagaling ang bagay na ito? Nanggagaling ito sa Diyos; ibinibigay ito ng Diyos. Gayumpaman, kapag ayaw na ng Diyos sa isang tao, binabawi ang bagay na ito. Hindi na nasasabik o umaasa ang taong ito sa magagandang bagay; hindi na niya inaasahan ang mga ito. Ang puso niya ay nagdidilim at nagsisimulang malugmok. Nawawalan siya ng ganang

hangarin ang anumang bagay na maganda o positibo, pati na ang mga pangako ng Diyos. Naging katulad na lang siya ng isang taong walang pananampalataya. Kapag nawala ang bagay na ito, maaari pa ba siyang manatili sa sambahayan ng Diyos at manampalataya sa Diyos at sumunod sa Diyos? Hindi ba't nagwakas na ang landas ng pananalig niya sa Diyos? Kapag nawala na sa iyo ang paunang kondisyong ito ng pagkakaroon ng kapasyahang maghangad, nagiging isa ka nang naglalakad na bangkay. Ano ang ibig sabihin ng "naglalakad na bangkay"? Ibig sabihin ay hindi mo na maunawaan ang mga salita ng Diyos. Kapag may ganito kang paunang kondisyon, maaari mong maunawaan ang mga salita ng Diyos, maaari kang magkaroon ng pag-asa, maaaring mapukaw ang pananalig mo; at ang paunang kondisyong ito ay makapagbibigay sa iyo ng motibasyong hangarin ang katotohanan. Gayumpaman, kapag nawala sa iyo ang pundamental na kondisyong ito, nawawala ang motibasyong ito. Wala ka nang sigasig o interes na makinig sa mga salita ng Diyos. Hindi ka na interesado at nahihikayat sa mga pangako at inaasahan. Para sa iyo, naging isa nang matayog na teorya ang mga salita ng Diyos. Hindi mo na pinagsusumikapan ang mga ito, at hindi ka na binibigyang-liwanag ng Diyos. Hindi mo makamit ang anumang katotohanan mula sa mga salita ng Diyos. Hindi ba't nagwakas na para sa iyo ang landas na ito ng pananalig sa Diyos? Kapag umabot na sa puntong ito, itinaboy ka na ng Diyos; magagawa mo pa bang baguhin ang isip ng Diyos? Hindi ito magiging madali. Kapag napagpasyahan ng Diyos na ayaw na Niya sa isang tao, ganito ang mararamdaman ng tao sa kalooban nito. Kapag naalis ang bagay na ito, ang saloobin mo sa iba't ibang usapin gaya ng pananampalataya sa Diyos, paggawa sa mga tungkulin mo, at kaligtasan ay magiging ganap na iba kumpara sa dati. Kapag pinagninilayan mo ang dati mong masigasig na paghahangad, hindi mo ito maiintindihan, mauunawaan, o mapapaniwalaan. Kapag hindi mo mapaniwalaan, ang sarili mo ngayon kumpara sa dating ikaw, nagkaroon na ng pagbabago sa kalidad ng iyong panloob na kalagayan; magiging ganap na ibang tao ka na, hindi ka na magiging gaya ng dati. Bakit ba ito mangyayari? Hindi dahil sa nagbago ang kapaligiran; hindi dahil sa tumanda ka na at naging mas tuso; hindi dahil nagkaroon ka ng mas maraming karanasan at kabatiran sa buhay, na nagpabago sa mga iniisip at pananaw mo. Sa halip, mangyayari ito dahil nagbago ang isip ng Diyos, nagbago ang Kanyang mga kaisipan, at nagbago ang Kanyang saloobin at mga inaasahan sa iyo. Kaya naging ibang tao ka na nang hindi mo sinasadya. Kung titingnan ito ngayon, kung nawala ng isang tao ang ibinigay ng Diyos sa kanya, kahit na ito ang pinakamaliit, pinakawalang-halagang bagay para sa kanya, sa puntong ito, ang taong iyon ay hindi makakaahon sa pagdurusa at mawawalan ng anumang kasiyahan. Kaya, huwag kailanman umabot sa puntong iyon. Kapag nangyari ito, maaaring maramdaman mong nawala ang bigat sa mga balikat mo, na malaya ka na, maluwag ang pakiramdam, na hindi mo na kailangang manampalataya sa Diyos o gawin ang mga tungkulin mo; at na puwede kang mamuhay nang malaya at imoral tulad ng mga walang pananampalataya, tulad ng isang ibong nakawala sa hawla. Pero iyon ay isa lang pansamantalang

kaginhawaan, kagalakan, at pagpapalayaw sa sarili. Habang nagpapatuloy ka, tingnan mo ang landas sa unahan—magiging ganito ka pa rin ba kasaya? Hindi. Mahirap ang mga darating na panahon! Kapag namumuhay ka sa ilalim ng kapamahalaan ng Lumikha, paano man pinamamatnugutan ng Lumikha ang mga bagay-bagay para sa iyo, anuman ang ginagawa Niya sa iyo at paano man Niya ito ginagawa, gaano man karaming pagsubok at kapighatian ang idinudulot Niya, gaano man karaming pagdurusa ang tinitiis mo, o kahit na lumitaw ang kawalan ng pagkaarok, mga maling pagkaunawa, at iba pang bagay, sa pinakamababa, mararamdaman mong nasa mga kamay ka ng Diyos, ang Diyos ang sandigan mo, at payapa ang puso mo. Pero kapag ayaw na sa iyo ng Diyos, at hindi mo na malaman kung paano ka tinatrato ng Diyos, at kapag nawala ang sandigan mong ito, para bang gumuguho ang buong mundo mo. Parang noong bata ka pa, at ang iniisip mo lang ay, "Si Nanay ang pinakakaibig-ibig, si Nanay ang pinakanagmamalasakit at pinakanagmamahal sa akin, hindi puwedeng mamatay si Nanay." Hindi mo makayanan noong narinig mong may sakit ang iyong ina. Inisip mo na kapag talagang namatay ang iyong ina, babagsak ang langit, at hindi ka na makakapagpatuloy sa buhay. Ganito rin ang lohika pagdating sa pananampalataya sa Diyos. Ang pinakamalaking kapayapaan at kagalakan sa pananampalataya ng isang tao sa Diyos ay nagmumula sa pagsandig sa Diyos, sa paniniwala na ang tadhana ng isang tao ay nasa mga kamay ng Lumikha. Ang kapanatagan ng isang tao ay nagmumula sa pagkakaroon ng tunay na pagtitiwala at pagsandig na ito. Kapag naramdaman mong nawala na ang tiwala at pagsandig na ito, at hungkag ang pakiramdam ng puso mo, tulad ng isang bagong hukay na butas, hindi ba't gumuho na ang langit mo? May lakas ka bang magpatuloy sa buhay kapag nawala ang sandigan mo? Ang mga gayong tao ay katulad ng mga naglalakad na bangkay, kain lang sila nang kain habang naghihintay sa katapusan nila.

Ngayon, may ilang tao na palaging nagpapakita ng masamang asal, at patuloy na gumagawa ng kasamaan at ginagambala, ginugulo, at pinipinsala ang gawain ng iglesia habang ginagawa ang mga tungkulin nila, hanggang sa puntong nagdudulot na sila ng malalaking kawalan sa interes ng sambahayan ng Diyos. Hindi sila kailanman nagpakita ng sinseridad o katapatan sa Diyos, lalong hindi sila nagpakita kailanman ng pagpapasakop. Dahil dito, hindi sila kailanman kinilala ng Diyos. Masasamang tao sila na nakapasok sa sambahayan ng Diyos na ang intensyon ay magkamit ng mga pagpapala. Pinapayagan sila ng Diyos na makapasok para matuto ng mga aral at lumago sa pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos. Bagama't kabilang din sila sa mga tinawag, hindi sila hinirang dahil sa ugaling palagi nilang ipinapakita. Kumusta ang kondisyon nila? Maaari kayong magtanong; hindi maayos ang takbo ng mga buhay nila. Ang kalidad ng buhay ng mga sumasandig sa Diyos at tumatanggap sa Kanyang pagtutustos kailanman, saanman ay ibang-iba sa kalidad ng buhay ng mga hindi tumatanggap sa pagtutustos at tulong ng Diyos, at palagi silang nahuhulog sa walang hanggang hukay kapag may mga sitwasyon silang kinakaharap. Ang mga hindi tumatanggap sa pagtutustos ng Diyos ay walang kapayapaan o kagalakan; buong araw silang nakakaranas ng takot,

pagkabagabag, pagkabalisa, at pag-aalala. Anong uri ng mga araw ang ginugugol nila? Madali bang gumugol ng mga araw sa walang hanggang hukay? Hindi, hindi ito madali. Kung isasantabi ang walang hanggang hukay na ito, kahit palagi kang negatibo sa loob ng ilang araw, magdurusa ka nang labis. Samakatwid, pahalagahan ang kasalukuyang panahon, at huwag palampasin ang malaking pagkakataong ito. Isang karangalan ang gawin ang tungkulin mo sa anim-na-libong-taong gawain ng pamamahala ng Diyos. Isa itong karangalan para sa bawat tao. Hindi ito kahiya-hiya; ang susi ay kung paano mo tinatrato at sinusuklian ang karangalang ito na natanggap mo mula sa Diyos. Itinaas ka ng Diyos; huwag mong balewalain ang Kanyang kabutihan. Dapat mong malaman kung paano suklian ang biyaya ng Diyos. Paano mo ba ito dapat suklian? Hindi kailangan ng Diyos ang pera o buhay mo, at hindi Niya ninanais ang anumang pamanang kayamanan mula sa pamilya mo. Ano ba ang nais ng Diyos? Nais ng Diyos ang sinseridad at katapatan mo. Paano naipapamalas ang sinseridad at katapatang ito? Ang paraan ng pagpapamalas ng mga ito ay na anuman ang sabihin ng Diyos, dapat kang magsikap na gawin ang pinakamakakaya mo para gumugol ng sinserong puso at kumilos nang ayon sa mga salita ng Diyos. Ano ba ang mga salita ng Diyos? Ang mga ito ay ang katotohanan. Kapag kinilala at tinanggap mo ang katotohanan, paano mo ba ito dapat isabuhay? Dapat kang magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Gawin mo ang mismong sinasabi ng Diyos. Huwag mong sabihin na isasagawa mo ang katotohanan at pagkatapos ay gagawin mo ang gusto mo kapag nahaharap ka sa mga sitwasyon, saka ka magdadahilan at magsasabi ng mga mapagpanggap at mapanlinlang na salita—ito ay kawalan ng sinseridad at katapatan, at hindi nais ng Diyos na makita ito. Ang pinakamahalagang bagay sa isang tao ay sinseridad. Paano ba dapat umasal ang isang taong may sinseridad? Dapat mong gawin ang mismong hinihingi ng Diyos, dapat kang magpursiging sumunod sa mga salita ng Diyos. Kahit pa maging labis-labis ang paggawa mo nito at kumilos ka na tila sumusunod ka sa mga regulasyon—na iniisip ng iba na medyo hangal ka kapag nakikita nila ito—wala ka pa ring pakialam, at patuloy ka lang na kumikilos nang ayon sa mga salita ng Diyos, ito ang sinseridad na nais ng Diyos mula sa mga tao. Kung palagi kang nagpapakana at tuso, at hindi ka kailanman handang matingnan bilang isang hangal sa mata ng iba, o magdusa ng kahit katiting na kawalan sa sarili mong mga interes, hindi mo kayang isagawa ang katotohanan dahil wala kang sinseridad. Ang mga taong walang sinseridad at nagsisikap pa ring gumawa ng mga mapanlinlang na panlalansi ay sobrang tuso, at ayaw sa kanila ng Diyos. Kapag isinasagawa nila ang mga salita ng Diyos, namimili sila, isinasagawa lang nila ang kapaki-pakinabang sa kanila at iniiwasan nila ang hindi kapaki-pakinabang. Madalas silang nagsasalita nang kaaya-aya, panay mga engrandeng ideya ang nililitanya nila, pero kapag lumilitaw ang mga problema, nagtatago sila, naglalahong parang bula, at nagpapakita lang silang muli kapag nalutas na ng iba ang mga problema. Anong klase ng walang-hiya ang gayong tao? Kapag kapaki-pakinabang sa kanila ang isang bagay, nagkukusa sila at umaaksyon; mas maagap sila kaysa kahit na sino. Gayumpaman,

kapag nakataya ang personal nilang mga interes, umuurong sila at nagiging negatibo. Nawawala ang lahat ng kanilang kaaya-ayang salita, paninindigan, at pananaw. Ayaw ng Diyos sa ganitong uri ng tao. Mas gugustuhin pa Niya ang isang taong mukhang hangal sa mata ng iba kaysa sa isang taong tuso na gaya nito.

XII. Pagtatalakay sa Politika

Natapos na nating pagbahaginan ang labing-isang isyung nakapaloob sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Bukod sa labing-isang isyu, magdadagdag pa tayo ng isa. Bagama't hindi ito karaniwang nakikita sa buhay iglesia, kailangan itong talakayin dito, ito ang magiging ikalabindalawang isyu—pagtatalakay sa politika. Angkop ba ang pagtatalakay ng mga politikal na paksa sa buhay iglesia? (Hindi.) Ang buhay iglesia ay para sa pagbabasa ng salita ng Diyos, pagsamba sa Diyos, at pagbabahagi sa pagkaunawa sa Diyos at kaalamang batay sa karanasan ng isang tao sa mga salita ng Diyos. Gayumpaman, sa panahong ito, may ilang tao na nagtatalakay nang matagal tungkol sa politika, tulad ng mga sitwasyong politikal, mga personalidad sa politika, kalagayang politikal, mga pananaw sa politika, at mga paninindigang politikal. Angkop ba ito? Kapag tinatalakay ang mga paksang tungkol sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay at sa sangkatauhan, basta-bastang iniuugnay ng ilang tao ang ideya na ang mga personalidad sa politika ay nasa mga kamay rin ng Diyos, sinasabi nila na may ilang personalidad sa politika na nananampalataya at sumusunod din sa Diyos, at nagsusulat pa nga ng mga espirituwal na tala at kung ano-ano pa. Hindi ba't nakakalito ito sa iba? May ilang tao pa na nagsasabi, "Tayong mga Kristiyano ay dapat sumuporta sa politikong ito dahil hindi lang siya mananampalataya, kundi pinoprotektahan din niya ang mga interes nating mga mananampalataya. Kaisa natin siya, at dapat natin siyang suportahan at ihalal." Sa buhay iglesia, masigasig pa nilang ikinakampanya ang politikong ito. Angkop ba ito? Nakikilahok ba ang mga Kristiyano sa politika? (Hindi.) Ano ba ang puwede mong gawin para makaiwas ka sa pakikilahok? Una, anuman ang partidong sinusuportahan mo, o anuman ang mga pananaw mo sa politika, huwag mo itong dalhin sa buhay iglesia para pagtalakayan. Siyempre, mas mahalaga na ang mga debate sa pagitan ng mga taong may magkaibang pananaw sa politika ay hindi dapat mangyari sa buhay iglesia. Halimbawa, kung ikaw at ang isa pang tao ay may magkaibang pananaw at sumusuporta sa magkaibang personalidad sa politika, maaaring gustuhin ninyong pag-usapan ito kapag nagkikita kayo; pinahihintulutan ito, pero hinding-hindi ninyo ito puwedeng gawin sa mga pagtitipon. Puwedeng magpadala kayo ng mga pribadong mensahe sa isa't isa, puwedeng magtagpo kayo at mag-usap, o kahit magtalo kayo hanggang sa mamula ang mga mukha ninyo, at walang makikialam; karapatan ito ng isang mamamayan sa ilalim ng demokratikong sistema. Pero sa panahon ng buhay iglesia, hindi ka lang isang mamamayan ng isang bansa; ang mas mahalaga, isa kang miyembro ng Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos. Sa ganitong kapaligiran, iyon ang pagkakakilanlan mo.

Huwag mong dalhin sa iglesia ang mga politikal na paksa o ang mga paksang tungkol sa mga personalidad sa politika. Ang tinatalakay mo ay kumakatawan lang sa personal mong paninindigan at mga pananaw, hindi sa iglesia. Ang iglesia ay hindi interesado sa politika, ni sa anumang politikal na sistema, personalidad, lider, o grupo, dahil ang mga usaping ito ay walang kinalaman sa katotohanan at walang kaugnayan sa pananampalataya sa Diyos. Ang anumang paksang may kaugnayan sa politika ay hindi dapat banggitin sa buhay iglesia. Sinasabi ng ilan, “Kung gayon, ayos lang ba na magtipon ang lahat at pag-usapan ito sa labas ng buhay iglesia?” Mas mabuting huwag na lang. Kung gusto mong sumali sa talakayan ng mga walang pananampalataya na may magkakaibang pananaw sa politika, nasa iyo na iyon; kalayaan mo iyon, at hindi makikialam ang sambahayan ng Diyos. Pero hangga’t magkakasama ang mga miyembro ng iglesia, o sa panahon ng mga pormal na pagtitipon, huwag mong banggitin ang mga pananaw o argumento tungkol sa politika bilang mga pangunahing paksa, at huwag magpanggap na ang mga pananaw mo sa politika ay may kaugnayan sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, o sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang mga pananaw mo sa politika ay ganap na walang kinalaman sa katotohanan, napakalayo ng mga ito sa isa’t isa, kaya huwag ka nang magpanggap!

May ilang tao na gustong pag-usapan ang politika pero wala silang makausap tungkol dito sa tahanan nila, kaya hindi kailanman nangyayari ang usapan. Kapag nakita nilang mga nasa hustong gulang na ang lahat ng kapatid, iniisip nilang may natagpuan na silang lugar para pagtalakayan ang politika at ibulalas ang mga pananaw nila sa politika. Nasasabik sila sa pagkakaroon ng ganitong magandang pagkakataon, gusto nilang makipag-usap tungkol sa mga pananaw sa politika, mga kasalukuyang kaganapan, at sa pandaigdigang sitwasyon. Kapag tinatalakay nila ang mga ito, sinisimulan nila sa: “Lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Ang politika ng sangkatauhan at ang mga politikong ito ay nasa ilalim din ng kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Inorden sila ng Diyos.” Pagkatapos ng pambungad na ito, magsisimula na silang talakayin nang masinsinan ang politika at mga kasalukuyang kaganapan, at magtatapos sa, “Ang politika ay hindi makakatakas sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos; lahat ng ito ay may mabuting mga layunin ng Diyos.” Kung hindi makilatis ng mga tao ang usaping ito, hindi sila dapat magsalita nang walang ingat tungkol sa mga ito. Ang pagbahaginan ang katotohanan ay ang pagbahaginan ang katotohanan; huwag pagtalakayan ang politika o mga personalidad sa politika. Ang pagtatalakay sa politika ay hindi pakikipagbahaginan sa katotohanan, nakalilihis ito sa mga tao. Kung gusto mong makipag-usap tungkol sa politika, humanap ka ng grupo ng mga taong mahilig sa politika at makipag-usap ka sa kanila; magagawa mong makipagtalakayan hangga’t gusto mo. Ano ang pakay mo sa palaging pagtatalakay ng mga paksang ito sa iglesia? Sinasadya mo bang subukang mapahanga ang mga tao at piliin ka nila bilang isang lider? Ito ay pagkakaroon ng mga lihim na motibo! Ang mga taong mahilig mag-usap tungkol sa politika ay mga taong hindi gumagawa ng kanilang

mga wastong gampanin at tiyak na hindi naghahangad sa katotohanan. Huwag kailanman talakayin ang mga politikal na paksa sa mga pagtitipon ng iglesia. Sinasabi ng ilang tao, “Kung hindi namin puwedeng pag-usapan ang tungkol sa mga demokratikong halalan, sistemang politikal, at mga polisiya ng malalayang bansa, paano naman ang politika at mga iskandalo ng matataas na opisyal sa bansa ng malaking pulang dragon, tulad ng kung gaano karaming ginto ang ninakaw ng isang tiwaling opisyal, o kung ilan ang mga kabit niya? Puwede ba naming talakayin ang mga bagay na ito?” Hindi ka ba nasusuklam sa mga paksang ito? Bakit ba masyado mong pinapahalagahan ang mga kasuklam-suklam na bagay na ito? Bakit pakiramdam Ko ay kasuklam-suklam ang pagmamalasakit at pagbabasa tungkol sa mga usaping ito? May mga tao na talagang interesado sa mga bagay na ito, hindi talaga sila nasusuklam sa mga ito. Handa silang basahin ang tungkol sa mga bagay na ito sa online, ginagawa nila ito kapag may oras sila. Kapag binabasa nila ang tungkol sa mga bagay na ito, gumiginhawa, napapanatag, at nasisiyahan ang pakiramdam ng puso nila. Bakit hindi nila nararamdaman ang ganitong kasiyahan sa pagbabasa ng salita ng Diyos? Hindi ba’t medyo ubod ito ng sama? Hindi ba’t pagpapabaya ito sa mga wastong gampanin? Sa mga gayon kagandang panahon, makapagpapasaya na sa lagay ng loob mo kahit ang maglakad-lakad lang sa bakuran, lumanghap ng sariwang hangin, at pagmasdan ang tanawin. Pero may ilan na ayaw gawin ang mga bagay na ito; sa halip, sa tuwing may libre silang oras nakatitig lang sila sa kompyuter, nagtitingin-tingin ng balita, nangangalap ng tsismis—kung sinong tiwaling opisyal ang napag-alamang may ilang kabit, kung gaano karaming ari-arian ang kinumpiska mula sa bahay ng kung sinong tiwaling opisyal, kung sinong mataas na opisyal ng malaking pulang dragon ang nagpabagsak sa kung sino, o kung sino ang nagpapatay sa kung sino. Ito ang mga bagay na karaniwan nilang pinagtutuunan ng pansin. Pakiramdam nila ay puno sila ng kaalaman matapos makalap ang impormasyong ito, na pagkatapos ay ibinabahagi nila sa lahat ng tao sa mga pagtitipon. Hindi ba’t pagpapakalat ito ng lason? Hindi ba’t napakanormal lang para sa masasamang diyablong iyon na gumawa ng masasamang gawa? Sinasabi ng ilang tao, “Normal sa kanila na gumawa ng masasamang gawa, pero hindi mo lubos na maiisip ang ilan sa mga kakila-kilabot na bagay na ginagawa nila.” Anong silbi ng pag-iisip niyon? Binigyan ka ba ng utak para maisip mo ang mga buktot na bagay na ginagawa nila? Hindi ba’t pagpapabaya ito sa iyong mga wastong gampanin? Iniisip mo ba na mas nakakahigit ka dahil alam mo ang ilang kahindik-hindik na kabuktutan? Ano ang makakamit mo rito? Hindi ba’t lalo ka lang masusuklam dahil dito? Ang mga taong ito na nagpapabaya sa kanilang mga wastong gampanin ay palaging nagpapahalaga sa mga bulgar, ubod na samang usapin sa larangan ng politika. Hindi ba’t ang babaw nila mag-isip? Bakit palagi mong inaalala ang mga usapin nila sa halip na mamuhay ng sarili mong buhay? Hindi ba’t kahangalan ito? Wala ka na ba talagang magawa? Sinasabi ng ilan, “Ang mga mananampalataya ay inuusig ng malaking pulang dragon. Dapat nilang kamuhian ang malaking pulang dragon. Tiyak na interesado ang mga mananampalataya sa mga iskandalo, katiwalian,

pang-aabuso, at kawalan ng delikadesa ng matataas na opisyal ng malaking pulang dragon, pati na rin sa mga lihim na gawain ng mga ito. Hindi ba't dapat na magpalakpakan sa tuwa ang mga mananampalataya kapag nalalantad ang mga iskandalong ito?" Nananampalataya at sumusunod ka ba sa Diyos para lang matamo ang mga bagay na ito? Ang pag-uusap tungkol sa mga usaping pampolitika sa iglesia, lalo na sa mga iskandalong nalalantad tungkol sa mga opisyal ng malaking pulang dragon, ay labis na kasuklam-suklam. Hinding-hindi mo ito dapat talakayin! At huwag mo rin Akong kausapin tungkol dito; nasusuklam Ako rito! Sinasabi Ko sa iyo, huwag mo itong talakayin at huwag kang magbabasa ng tungkol dito, kung hindi, darating ang araw na pagsisisihan mo ang pagbabasa sa mga bagay na iyon. Kapag pinagsisisihan mo na ito, malalaman mo kung ano ang pakiramdam; walang katapusan ang pagiging kasuklam-suklam ng mga bagay na ito. Ang sobrang pakikinig at pagbabasa tungkol sa mga bagay na ito ay walang maidudulot na pakinabang. Bakit Ko sinasabing wala itong pakinabang? Sa pagbababad ng isipan mo sa mga ganitong kasuklam-suklam na usapin, hindi mo na nanaising marinig ang mga salita ng Diyos. Kahit na may kaugnayan sa politika ang mga paksang ito, ang mga usaping iyon ay mas lalo pang kasuklam-suklam. Kung gusto mong pag-usapan ang mga bagay na ito, makipag-usap ka sa mga walang pananampalataya hangga't gusto mo, sabihin mo ang anumang gusto mong sabihin sa kanila, pero anuman ang mangyari, huwag mo itong talakayin sa buhay iglesia o kapag kasama ang mga kapatid. Sinasabi ng ilang tao, "Ang pagtatalakay sa mga imoral at buktot na gawain ng mga nakakataas na opisyal ng malaking pulang dragon ay nakakatulong sa mga kapatid na lumago sa pagkilatis at hinahayaan silang makapaglabas ng galit nila." Ano ba ang silbi ng paglalabas ng galit? Ang paglalabas ba ng galit ay pagpapatotoo? Obligasyon o tungkulin mo ba ito? Ang pag-uusap tungkol sa mga bagay na iyon ay walang silbi, at wala talagang halaga. Kahit gaano mo pa ilantad ang mga buktot na gawa ng malaking pulang dragon, hindi ito tatandaan ng Diyos. Sa kabaligtaran, kung tatalakayin mo kung paano mo naranasan ang pag-uusig ng malaking pulang dragon, kung paano mo nalampasan at napagtagumpayan ang pananakot at mga pagbabanta nito, at kung paano ka sumandig sa Diyos at nanindigan sa patotoo mo sa gayong kapaligiran, tinatanggap ito ng Diyos. Pero ang pag-uusap tungkol sa politika ay walang kinalaman sa buhay pagpasok, at hindi ito tinatanggap ng Diyos. Sinasabi ng ilang tao, "Inilalantad ko ang katiwalian ng mga opisyal ng malaking pulang dragon, kung paano sila gumagastos ng sampu-sampung libong yuan sa isang kainan, o kung magkano ang ginagastos nila sa mararangyang hotel; ayos lang ba ito?" Ano naman ang kinalaman ng mga iyon sa iyo? Hindi ba't sadyang ganoon talaga ang mundong ito at ang lipunang ito? Sino ba ang ipinaglalaban mo? Hindi ito pagpapatotoo sa Diyos, hindi rin ito paglalantad sa diwa ng malaking pulang dragon, at hindi rin ito pagpapamalas ng paghihimagsik laban sa malaking pulang dragon. Huwag mong lituhin ang mga tao o huwag kang maging mapagpaimbabaw; wala sa mga ito ang pagsasagawa sa katotohanan. Ang korapsyon ng mga tiwaling opisyal at politiko ay walang kinalaman sa

atin, at hindi rin ito isang bagay na kailangan nating ilantad. Huwag mong alalahanin ang mga usaping ito. Ang mga bagay na ito ay umiral na sa rehimen ni Satanas sa buong kasaysayan, at ang ginagawa nila ay walang anumang kinalaman sa pagdanas natin sa gawain ng Diyos o sa pagpapatotoo sa Diyos. Kaya, anuman ang mangyari, huwag mong ihalo ang mga paksang iyon sa paksa ng “paghihimagsik laban sa malaking pulang dragon at paglalantad dito para magpatotoo sa Diyos,” at huwag mong talakayin ang mga kakaiba, kasuklam-suklam, at buktot na usaping ito sa buhay iglesia o sa gitna ng mga kapatid. Kung talagang gusto mong pagtalakayan ang politika, gawin mo ito kasama ang mga walang pananampalataya. Paano mo man ito talakayin nang pribado sa mga taong may gayong libangan at hilig ay ayos lang. Personal mo iyang libangan at hilig; kalayaan at karapatan mo ito, at walang makikialam. Pero sa mga panahon ng pagtitipon at sa harap ng mga kapatid, huwag mong talakayin ang mga usaping ito. Kahit may gustong makinig, huwag mo itong talakayin, dahil nakakaapekto ito sa buhay iglesia at sa pagkaunawa ng hinirang na mga tao ng Diyos sa katotohanan.

Kahit tungkol pa ito sa politika o sa mga iskandalo sa pribadong buhay ng mga politiko, huwag talakayin ang mga paksang ito sa buhay iglesia. Kung ang isang tao ay hindi interesado sa nilalaman ng mga pagtitipon sa buhay iglesia at palagi niyang gustong pag-usapan ang mga usaping ito, tinatalakay ang mga ito sa bawat pagtitipon, ano ba ang dapat gawin ng mga kapatid? Dapat nilang pigilan ang mga gayong tao, sabihing, “Oras ng pagtitipon ngayon, huwag mong talakayin ang mga walang kuwentang bagay na iyan. Kung gusto mong pag-usapan ang mga iyan, umuwi ka na lang at doon mo talakayin iyan!” Paano kung hindi sila mapigilan at patuloy pa rin sila sa pagsasalita tungkol sa mga ito? Palabasin sila, at sabihing bumalik na lang kapag tumigil na sila. May isa pang mas epektibong paraan: Sa sandaling buksan nila ang bibig nila para pag-usapan ang politika, tatayo ang mga kapatid at lilipat sa ibang silid, para sarili na lang nila ang kausapin nila. Sa madaling salita, umiiral talaga ang mga taong mahilig makipag-usap tungkol sa politika. Pinapabayaan ng mga gayong tao ang mga wastong gawain, hindi nila hinahangad ang katotohanan, hindi pinagninilay-nilayan kung paano mahusay na magagawa ang tungkulin nila, hindi pinagninilay-nilayan ang mga suliranin sa gawain ng iglesia o na kinakaharap ng mga kapatid, at hindi pinagninilay-nilayan kung ano ang mga totoong problema nila na nangangailangan ng resolusyon—hindi nila pinagninilay-nilayan ang mga wastong usaping ito. Sa halip, pinagninilay-nilayan lang nila ang mga ubod ng sama, baluktot na usaping iyon, at talagang masigasig sila tungkol sa mga ito. Lalo na ngayon, na malawak at madali nang makuha ang impormasyon mula sa iba’t ibang uri ng plataporma—tinutulutan nito ang mga tao na matugunan ang mga libangan at hilig nila. Hindi tayo nakikialam sa kanilang mga libangan at hilig, pero may regulasyon ang sambahayan ng Diyos na ang pagtatalakay sa mga politikal na paksa sa mga pagtitipon ay itinuturing na problema ng panggagambala at panggugulo sa gawain ng iglesia. Kaya, ang mga paksang ito ay mahigpit na ipinagbabawal sa panahon ng buhay iglesia at kapag nagsasama-sama ang mga kapatid. Sinasabi ng ilang tao,

“Ipinagbabawal ang mga paksang ito, pero paano naman ang iba’t ibang pananaw namin sa politika, kung aling partido ang aming gusto o hindi gusto, kung sino ang ibinoboto namin o hindi—nakikialam ba ang iglesia sa mga usaping ito?” Linawin natin ito: Iboto mo ang sinumang gusto mo, gustuhin mo ang sinumang gusto mo—hindi nakikialam ang iglesia sa mga usaping ito, kalayaan mo ito. Hindi ba’t napakaluwag na ng ganitong pakikialam? Ganap mo nang tinatamasa ang iyong mga obligasyon at karapatang pantao bilang mamamayan; hindi ba’t sapat na ang pagrespeto na iyon? Ayos na ito; pero gusto mo pa rin makapagsalita nang malaya at hangga’t gusto mo sa iglesia? Salungat iyan sa mga alituntunin. Kung makakatagpo ka ng mga gayong tao, maghanap ng paraan para pigilan sila. Una, makipagbahaginan nang malinaw sa kanila, sabihin mo: “Baguhan ka ba sa pananalig? Ito ba ang unang beses mo sa pagtitipon, at hindi mo alam ang mga patakaran ng sambahayan ng Diyos? Kung gayon, sasabihin ko sa iyo: Ang lugar na ito ay lugar ng pagtitipon, at ang oras na ito ay oras ng pagtitipon. Anuman ang mga pananaw o ideya mo sa politika, hinding-hindi mo ito dapat ipakalat sa iglesia, at huwag mong talakayin ang mga ito sa mga pagtitipon. Ayaw naming marinig ito, at hindi rin kami obligadong makinig sa sinasabi mo tungkol sa mga bagay na ito. Mali ang napili mong lugar. Pagkatapos ng pagtitipon, kapag nilisan mo na ang lugar na ito, puwede mong sabihin ang anumang gusto mo; walang makikialam. Kalayaan mo iyan.” Kung nakakaunawa sila at natatandaan nila ang sinabi mo, at hindi na nila ito babanggitin sa susunod, ayos na iyon, at ipinakita nilang may kaunti silang katwiran. Pero kung pagkatapos ng pagbabahaginan ay patuloy pa rin silang nagsasalita nang ganito, palaging nagbabahagi ng mga pananaw sa politika sa bawat pagtitipon, dapat ba silang pigilan sa pagsasalita? (Oo.) Sangkot man sila sa politika o hindi, basta’t may isang tao na nagsasalita tungkol sa mga politikal na paksa, dapat itong ituring na katulad ng pagbuo ng mga paksiyon, pakikipag-agawan sa katayuan, pagbubulalas ng pagkanegatibo, at iba pang mga gayong pag-asal na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang mga gayong tao ay hindi dapat pakitaan ng anumang paggalang; dapat silang pigilan at limitahan. Siyempre, ang mga taong nag-uusap tungkol sa politika ay hindi agad na masama o mabuti; maaaring mahilig lang talaga sila sa mga ganitong isyu at paksa. Pero makakatiyak tayo na hindi talaga naghahangad sa katotohanan ang mga taong ito. Sa madaling salita, malinaw nang napagbahaginan ang prinsipyo sa pangangasiwa sa mga taong ito: Sabihin sa kanila ang mga regulasyon ng sambahayan ng Diyos. Kung pagkatapos ipaliwanag nang malinaw ang mga ito ay patuloy pa rin silang nagsasalita tungkol sa mga politikal na paksa at hindi sumusunod sa mga babala, ihiwalay na sila. Puwede lang silang magpatuloy na mamuhay ng buhay iglesia pagkatapos nilang magsisi. Kung hindi sila magsisisi kailanman, huwag na silang padaluhin sa mga pagtitipon. Dapat ganoon lang kasimple ang pangangasiwa sa usaping ito. Huwag gawing komplikado ang simpleng usapin, hindi ito kapaki-pakinabang sa sinuman.

Hulyo 24, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (20)

Ikalabindalawang Aytem: Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nakagagambala at Nakagugulo sa Gawain ng Diyos at sa Normal na Kaayusan ng Iglesia; Pigilan at Limitahan ang mga Iyon, at Ituwid ang mga Bagay-bagay; Dagdag pa Rito, Pagbahaginan ang Katotohanan Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Pamamagitan ng mga Gayong Bagay at Matuto Sila Mula sa mga Iyon (Ikawalong Bahagi)

Natapos na tayong magbahaginan sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa noong huling pagtitipon. Naikumpara na ba ninyo ang sarili ninyo sa nilalaman ng pagbabahaginang ito? Pinagbulay-bulayan na ba ninyo ang pagbabahaginang ito? Kapag narinig na nila ang pakikipagbahaginan Ko, makapagsasagawa ng ilang katotohanan ang mga nagmamahal sa katotohanan at iyong mga may pagpapahalaga sa katarungan at may kaunting pagkatao pagkatapos nilang maunawaan ang mga ito. Una, kaya nilang itugma ang mga katotohanang nauunawaan nila sa sitwasyon nila, suriin ang sarili nila kumpara sa katotohanan, tukuyin ang mga problema nila, at pagkatapos ay gamitin ang ilang usapin at kapaligiran sa tunay na buhay at sa paggawa ng mga tungkulin nila para lutasin ang mga problemang ito. Unti-unti, hinggil sa mga katotohanang nauunawaan nila, naaarok nila ang mga prinsipyong dapat isagawa at sundin ng mga tao. Sa isang banda, nagkakamit sila ng mas malalim na pagkaunawa at kaalaman sa sarili nila, at sa kabilang banda, nauunawaan nila nang mas praktikal at tumpak kung ano talaga ang sinasabi at nilalaman ng katotohanan. Gayumpaman, iyong mga hindi nagmamahal sa katotohanan at tutol dito, gaano man karaming katotohanan ang naririnig nila, ay walang kamalayan o pagbabago. Hindi man lang nagbabago ang kanilang kalagayan, ang kanilang saloobin kapag ginagawa ang tungkulin nila, ang mga layong hinahangad nila, estilo ng pamumuhay, at ang kanilang mga prinsipyo ng pag-asal. Patuloy silang kumikilos ayon sa gusto nila at namumuhay ayon sa nais nila; walang epekto sa kanila ang mga katotohanang ito, ni hindi sila nahihimok ng mga ito na pagnilayan at kilalanin ang sarili nila hanggang sa puntong namumuhi na sila sa kanilang sarili. Kung hindi nila maaabot ang punto ng pagkamuhi sa sarili nila, tiyak na hindi nila makakamit ang tunay na pagsisisi. Kung walang tunay na pagsisisi, walang totoong pagpasok; kung walang totoong pagpasok, tiyak na walang pagbabago sa disposisyon. Samakatwid, maraming tao ang nananampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon, bagama't nakikipagtipon din sila, gumagawa ng mga tungkulin, maraming taon nang nakikinig sa mga sermon, at madalas na nakikisalamuha sa mga kapatid, ay walang anumang pagkaunawa sa kanilang sarili, hindi nagpapakita ng anumang pagbabago, at hindi talaga nadaragdagan

ang pananalig nila sa Diyos. Sinusunod nila ang Diyos nang ayon sa kanilang mga inisyal na kuru-kuro at imahinasyon at nang may intensiyon at pagnanais na magkamit ng mga pagpapala. Ilang taon man silang nanampalataya na sa Diyos, hindi talaga nagbago ang kanilang mga pananaw sa pananampalataya sa Diyos, mga pananaw sa mga bagay-bagay, mga pamamaraan sa paghahangad at ang mga layong hinahangad nila, at mga saloobin kapag ginagawa ang mga tungkulin nila. Ang mga kasalukuyang pagbubunyag at ang mga pagpapamalas na isinasabuhay nila ay resulta ng hindi paghahangad sa katotohanan. Pinagbahaginan natin ang labindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pero hindi talaga nagbago ang pag-uugali ng ilang lider at manggagawa. Hindi talaga nagbago ang mga saloobin nila kapag ginagawa ang mga tungkulin nila at ang mga saloobin nila sa mga hinihingi ng Diyos. Ang napagbahaginang nilalaman ay naglalayong magpaalala, mangasiwa, at mag-udyok sa mga medyo may paghahangad sa katotohanan, at sa mga may kaunting pagkatao at may kaunting kamalayan ang konsensiya. Gayumpaman, wala itong naging epekto sa ilang mas matigas ang kalooban, tuso, at hindi talaga tumatanggap sa katotohanan. Bakit ganito? Dahil ang saloobin ng mga taong ito sa katotohanan ay saloobin ng paglaban at pagkapoot. Gaano man karaming katotohanan ang napagbabahaginan, ganoon pa rin ang saloobin nila: “Ano’t anuman, ginagawa ko ang tungkulin ko at sinusunod ko ang Diyos; tunay kong ginugugol ang sarili ko para sa Diyos. Paano man ako umasal, hangga’t nagpapatuloy ako hanggang sa huli, maaari akong magkamit ng mga pagpapala!” May anumang katwiran ba ang ganitong klase ng pag-iisip? Sila ay ganap na hindi magbabago at walang kahihiyan, hindi ba? Hindi ba’t ito ay pagiging matigas ang ulo at pagtangging magsisi anuman ang mangyari? (Oo.)

Ang ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay: “Agaran at tumpak na tukuyin ang iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon.” Noong nakaraan, hinati natin sa labindalawang isyu ang pagbabahaginan natin sa responsabilidad na ito. Ang nilalaman ng labindalawang isyung ito ay pangunahing tumatalakay sa kung paano dapat harapin at pangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang mga problemang ito kapag lumilitaw sa iglesia ang iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan para makamit ang epekto ng pagpoprotekta sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia, nang sa gayon ay natutupad ang mga papel na dapat gampanan ng mga lider at manggagawa at ang mga responsabilidad na dapat nilang gampanan. Detalyado nating pinagbahaginan ang bawat isyu sa loob ng responsabilidad na ito ng mga lider at manggagawa, pinagbahaginan natin ang ilang partikular na pagpapamalas ng bawat isa, at sinipi natin ang ilang partikular na halimbawa. Sa usapin ng mga prinsipyo, napakapraktikal ng

nilalaman na napagbahaginan. Bagama't ang mga naibigay na halimbawa ay hindi masasaklaw ang lahat, malinaw namang napagbahaginan ang mahahalagang isyu ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay. Sa partikular, kayo bilang mga lider at manggagawa ay dapat na maunawaan ang aspektong ito ng katotohanan para malutas ang iba't ibang problemang lumilitaw sa iglesia. Una, kailangan ninyong mahanap ang mga salitang naghihimay sa diwa ng mga problema mula sa napagbahaginang nilalaman at iugnay ang mga ito sa mga problema. Sa pagkaunawa sa diwa ng mga problema, mas madaling mahanap ang mga kaugnay na solusyon at lutasin ang mga problema nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang pagkaunawa sa diwa ng problema ay napakahalaga bago ito lutasin. Kapag naunawaan mo na ang diwa ng problema, dapat mo ring maunawaan at maarok ang mga prinsipyo ng pangangasiwa ng problemang ito. Kapwa lubos na kinakailangan ang dalawang aspektong ito: Ang isa ay ang diwa ng problema, at ang isa pa ay ang mga prinsipyo ng paglutas sa mga gayong problema. Dapat malinaw ang mga bagay na ito sa mga lider at manggagawa. Sa pamamagitan ng pagkaarok sa dalawang prinsipyong ito, saka mo lang tumpak na malulutas ang lahat ng problema at wastong mapapangasiwaan ang mga tao, pangyayari, at bagay na may kinalaman sa iba't ibang isyu, sa halip na gumamit ng mga regulasyon at palakihin masyado ang mga isyu. Sa kasalukuyan, kapag pinapangasiwaan ng ilang lider at manggagawa ang ilang isyu, sa isang banda, sumusunod lang sila sa mga regulasyon, at sa kabilang banda, nabibigo silang maarok ang diwa ng mga isyu, madali silang nakakaagrabyado ng mga tao at gumagawa ng mga paglihis. Nangangailangan ito ng malinaw na pagkaunawa sa mga detalye, mga espesipiko, at konteksto ng mga isyu. Dagdag pa rito, mahalagang tingnan ang palagiang pag-uugali ng isang tao para matukoy kung saang kategorya siya nabibilang. Mapangangasiwaan lang nang ayon sa mga prinsipyo ang mga isyung ito sa pamamagitan ng pagiging bihasa sa mga aspektong ito. Ang ilang lider at manggagawa, kapag ginagawa ang gawain nila, ay ginagamitan lang ng regulasyon ang mga problema at masyadong pinapalaki ang mga ito, samantalang hindi nila makilatis ang aktuwal na diwa ng mga taong sangkot, kung mababuti o masasamang tao ba ang mga ito, kung palagian ba ang pag-uugali ng mga ito o paminsan-minsan lang na pagsalangsang. Hindi nila makilatis ang mga aspektong ito, kaya malamang talaga na magkamali sila. Sa mga gayong kaso, kung makakapagbotohan sa iglesia, epektibo nitong maiiwasan ang ilang pagkakamali. Ang presensiya ng mga paglihis at pagkakamaling ito sa gawain ng mga lider at manggagawa ay pinakamalinaw na makakapagbunyag sa kung may pagkilatis sila at kung napapangasiwaan nila ang mga usapin nang ayon sa mga prinsipyo. Ibinubunyag din nito kung may taglay na bang katotohanang realidad ang mga lider at manggagawa. Kung ang isang lider o manggagawa na maraming taon nang nananampalataya sa Diyos ay hindi kayang mangasiwa sa mga tunay na problemang ito, sapat na itong patunay na ang lider o manggagawang ito ay hindi isang tao na naghahangad sa katotohanan.

Matapos maunawaan ang mga responsabilidad na dapat gampanan ng mga lider at manggagawa, ang mga prinsipyong dapat nilang sundin, at ang saklaw ng gawain nila, dapat tayong bumalik sa tema ng yugtong ito ng pagbabahaginan: paglalantad sa mga huwad na lider. Ito ang pangunahing paksa. Hinggil sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ang paksang pagbabahaginan natin ngayon ay ang mga bahagi kung saan pabaya ang mga huwad na lider sa responsabilidad nila, at ang mga pagpapamalas nila ng hindi paggawa ng tunay na gawain. Una, basahin natin ang nilalaman ng ikalabindalawang responsabilidad. (Ikalabindalawang aytem: Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon.) Malinaw na binabanggit ng ikalabindalawang responsabilidad ang tatlong aspekto ng gawain na dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa. Paano ito nauugnay sa paglalantad sa mga huwad na lider? (Una, dapat nating maunawaan ang ilang responsabilidad ng mga lider at manggagawa sa gawaing ito. Pagkatapos, ikumpara natin kung tinupad ng mga huwad na lider ang mga responsabilidad na ito, at kung ano ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider; ang pagsukat sa kanila ayon sa pamantayang ito ay medyo tumpak.) Tama iyan. Ang pagkilatis kung huwad na lider ba o hindi ang isang tao ay hindi ginagawa sa pamamagitan ng paggamit ng iyong mga mata para tingnan ang mukha niya at makita kung mabuti ba o masama ang mga katangian ng kanyang mukha, ni hindi ito ginagawa sa pamamagitan ng pagtingin kung gaano siya mukhang nagdusa sa panlabas, o kung gaano siya nagpakaabala. Bagkus, dapat mong tingnan kung natutupad ba niya ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa at kung nagagamit ba niya ang katotohanan para lutasin ang mga tunay na problema. Ito lang ang tumpak na pamantayang magagamit para suriin siya. Ito ang prinsipyo ng paghihimay, pagkilatis, at pagtukoy kung huwad na lider ba ang isang tao. Sa ganitong paraan lang maaaring maging makatarungan ang pagsusuri, naaayon sa mga prinsipyo, alinsunod sa katotohanan, at patas para sa lahat. Ang pagsasalarawan na huwad na lider o huwad na manggagawa ang isang tao ay dapat batay sa sapat na mga katunayan. Hindi ito dapat batay sa isa o dalawang insidente o pagsalangsang, lalong hindi maaaring gamitin ang pansamantalang pagbubunyag ng katiwalian bilang batayan para dito. Ang tanging tumpak na mga pamantayan sa pagsasalarawan sa isang tao ay kung kaya ba niyang gumawa ng tunay na gawain at magawang gamitin ang katotohanan para lutasin ang mga problema, gayundin kung siya ba ay isang tamang tao, kung siya ba ay isang taong nagmamahal sa katotohanan at nakakapagpasakop sa Diyos, at kung taglay ba niya ang gawain at kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Maaari lamang maisalarawan nang tama ang isang tao bilang isang huwad na lider o huwad na manggagawa batay sa mga salik na ito. Ang mga salik na ito ang mga pamantayan at

prinsipyo sa pagsusuri at pagtukoy kung huwad na lider o huwad na manggagawa ba ang isang tao.

Ang Tatlong Gampaning Nararapat Gampanan ng mga Lider at Manggagawa sa Loob ng Ikalabindalawang Responsabilidad

I. Agaran at Tumpak na Tukuyin ang Iba't Ibang Tao, Pangyayari, at Bagay na Nagdudulot ng mga Pagkagambala at Kaguluhan

Ang ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay may tatlong gampanin, o tatlong hakbang. Sa pamamagitan ng pagsunod sa tatlong hakbang na ito para kumpletuhin ang gawaing ito, naitataguyod ang mga prinsipyo ng gawaing ito, at natutupad ang mga responsabilidad sa gawaing ito. Ano ang tatlong gampaning ito? (Una, agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Pangalawa, pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay. Pangatlo, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon.) Ang tatlong gampaning ito ay ang mga hinihingi sa mga lider at manggagawa sa ikalabindalawang responsabilidad. Bilang panimula, ang unang hinihingi sa mga lider at manggagawa ay agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa buhay iglesia. Ito ay para tukuyin nang agaran at tumpak, hindi para tumugon nang mabagal at di-sensitibo, ni maglarawan nang bulag at walang ingat—hindi katanggap-tanggap ang mga walang ingat na paglalarawan. Ang ilang lider at manggagawa, dahil sa kanilang mahinang kakayahan at magulong isipan, ay pinupungusan at sinesermunan ang mga tao nang walang ingat tungkol sa maliliit na usapin, basta-bastang naglalarawan at bulag na tinutukoy ang mga bagay-bagay nang hindi sumusunod sa mga prinsipyo. Ang paggawa sa ganitong paraan ay paglabag sa mga katotohanang prinsipyo. Samakatwid, kahit papaano, ang mga lider at manggagawa sa sambahayan ng Diyos ay dapat makakilatis ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay. Agaran at tumpak lang nilang matutukoy ang iba't ibang problemang lumilitaw sa iglesia kung may pagkilatis sila. Para makamit ang abilidad na makilatis ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay, ano ang unang hinihingi? Una, kinakailangang maunawaan ang mga hinihingi ng Diyos sa iba't ibang klase ng tao, pati na rin sa kung paano tinutukoy ng Diyos ang iba't ibang tao at ang iba't ibang nagiging kalagayan nila. Bukod dito, mahalagang mahimay kung paano lumilitaw ang iba't ibang negatibong kalagayan at kung ano ang mga ugat ng mga ito. Dagdag pa rito, kailangang maunawaan ng isang tao ang epekto ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Ano ang batayan sa pagtugon sa mga kondisyong ito? Anong gawain ang unang dapat isagawa ng mga lider at manggagawa? Kung ang mga lider at manggagawa ay palaging mataas ang tingin sa

sarili, kumikilos na parang mga burukrata at hindi nakikisalamuha sa mga kapatid, hindi inaarok ang iba't ibang kalagayan ng mga kapatid, hindi malapit na nakikipag-ugnayan sa iba't ibang klase ng tao, at walang detalyadong obserbasyon at malalim na pagkaunawa sa mga ito, katanggap-tanggap ba ito? Tiyak na hindi ito katanggap-tanggap. Ang ilang lider at manggagawa ay madalas na nagtatago sa kanilang silid, ginagamit ang espirituwal na debosyon at pagsusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan bilang mga dahilan para balewalain at hindi arukin ang gawain ng iglesia. Sa panlabas, tila nag-aasikaso sila ng mga usapin ng iglesia habang nagtatago sa silid nila, pero sa katunayan, ihiniwalay na nila ang sarili nila mula sa gawain ng iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos. Malulutas ba ng ganitong pamamaraan ng paggawa ang mga problemang umiiral sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia? Matutulungan ba nito ang hinirang na mga tao ng Diyos na magawa nang maayos ang mga tungkulin nila? Kapag nagtatago sila sa kanilang silid para magsulat ng mga artikulo ng patotoo, nararanasan ba nila ang gawain ng Diyos? Samakatwid, hindi angkop ang pamamaraang ito. Ayon sa ikalabindalawang responsabilidad, ang unang gampanin ng mga lider at manggagawa ay agarang tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng iglesia batay sa mga salita ng Diyos at sa katotohanang prinsipyo. Tinatanong ng ilang tao, "Kaya ba malalim na pinalalahok sa buhay iglesia ang mga lider at manggagawa para lang agaran at tumpak nilang matukoy ang mga tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga kaguluhan at pagkagambala?" Tama ba ang pagkaarok na ito? (Hindi.) Isa itong baluktot na pagkaarok. Ang mga lider at manggagawa ay dapat na may tamang saloobin at pamamaraan sa gawain nila at dapat din silang malapit na makipag-ugnayan sa mga nasa ibaba. Sa ganitong paraan lang nila agaran at tumpak na matutukoy at malulutas ang mga problema. Kung hindi sila malapit na makikipag-ugnayan sa mga nasa ibaba at hindi mamumuhay kasama ang hinirang na mga tao ng Diyos, magiging napakahirap na tukuyin ang lahat ng problema sa gawain ng iglesia. Kung malulutas lang nila ang ilang problema pagkatapos na mag-ulat at maghanap ng mga solusyon ang mga tao, magiging napakalimitado ng epekto ng gawaing ito. Ang pinakamaling pamamaraan ng paggawa ng mga lider at manggagawa ay ang bumukod at gumawa nang nakahiwalay sa iba, tulad ng mga sinaunang iskolar na ganap na ginugol ang sarili nila sa pag-aaral ng mga aklat ng mga pantas at hindi nagbigay-pansin sa mga panlabas na usapin. Hindi katanggap-tanggap ang ganitong saloobin at estilo ng pamumuhay para sa mga lider at manggagawa. Nagsosolo ka sa kuwarto mo, nakikinig sa mga sermon, nagbabasa ng mga salita ng Diyos, nagsusulat ng mga tala tungkol sa espirituwal na debosyon, at nagsusulat ng mga sermon, pero ang pagkakamit ba ng kaunting doktrina at salita ay nangangahulugang nauunawaan mo ang katotohanan? Nangangahulugan ba ito na nauunawaan mo ang mga aktuwal na sitwasyon at mga totoong kalagayan ng mga tao na nailantad ng katotohanan? (Hindi.) Kaya, bagama't ang buhay ng espirituwal na debosyon ay mahalaga sa gawain ng mga lider at manggagawa, ang pinakamahalagang

bagay ay ang magkaroon ng mga tamang pamamaraan sa paggawa at tamang estilo ng pamumuhay.

II. Agarang Pagpipigil at Paglilimita sa Masasamang Tao

Ang ikalawang hinihingi sa mga lider at manggagawa na nakabalangkas sa ikalabindalawang responsabilidad ay na kapag natukoy nila ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng iglesia, dapat agaran at tumpak silang makagawa ng mga paghuhusga. Kailangang malinaw nilang matukoy ang kalikasan ng iba't ibang tao at pangyayari, at intindihin kung paano nakakaapekto ang mga ito sa buhay iglesia, kung nagiging banta, nakakagulo, o nasasabotahe ng mga ito ang mga kalagayan, buhay pagpasok, at paggampan ng tungkulin ng hinirang na mga tao ng Diyos, at kung nakakaapekto ang mga ito sa mga resulta ng paggampan ng mga tao sa tungkulin—ang mga lider at manggagawa ay dapat na agaran at tumpak na husgahan at suriin ang mga usaping ito. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kung wala silang utak para dito at wala sila ng tamang kakayahan, hindi nila magagawa ang gawain ng iglesia. Dagdag pa rito, ang mga lider at manggagawa ay kailangang may matalas na pagtugon at pagkilatis sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay. Halimbawa, kapag lumilitaw sa iglesia ang mga alitan at nangyayari ang iba't ibang paggambala at panggugulo, hindi mo matukoy ang problema at iniisip mong hindi ito mahalaga, dahil dito, maraming tao ang naaapektuhan at hindi nila magawa nang maayos ang mga tungkulin nila. Hindi ba't manhid at bulag ang gayong lider o manggagawa? (Oo.) Isa itong problema sa mga lider at manggagawa. Ano ang dapat mong gawin kapag natuklasan mong ginagambala at ginugulo ng isang tao ang gawain ng iglesia? Una, dapat mong kumpirmahin ang kalubhaan ng isyu at suriin at husgahan ang diwa ng mga gayong tao at ang epekto at mga kahihinatnan ng mga gayong bagay sa gawain ng iglesia at sa buhay iglesia. Ano ang dapat na maging batayan ng gayong paghuhusga? Dapat na batay ito sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Sinasabi ng ilang tao, "Paano mo ito ibinabatay sa mga salita ng Diyos? Tingin ko, walang kabuluhang pagsasalita ito." Ang totoo, hindi ito walang kabuluhang pagsasalita. Bakit Ko sinasabi ito? Kapag nahaharap ka sa mga gayong bagay o nakikita o naririnig mo ang tungkol sa mga ito, sadyang kailangan mong ikumpara ang mga ito sa mga isyung inilalantad ng mga salita ng Diyos. Tingnan mo kung paano inilalantad at hinihimay ng mga salita ng Diyos ang mga gayong tao at usapin, at kung paano Niya inilalarawan ang mga isyung ito, tulad ng kung paano Niya inilalantad ang mga huwad na lider at mga anticristo, at kung paano Niya inilalantad ang mga tiwaling disposisyon ng iba't ibang tao, at iba pa. Pagkatapos, ikumpara at himayin mo ang mga usaping ito ayon sa mga salitang iyon, at sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa mga kapatid at ng sarili mong mga obserbasyon, sa wakas ay makakagawa ka na ng tumpak na pagsusuri at paglalarawan sa mga tao, pangyayari, at bagay na nakikita mo, at makakabuo ka ng mga nauugnay na solusyon. Paano dapat pangasiwaan ang mga

natukoy na kabilang sa iba't ibang tao na nanggagambala at nanggugulo? Bukod sa dapat silang ilantad at himayin para tulungan ang mga tao na makilatis sila, dapat din silang pigilan at limitahan, at ang mga hindi nagbabago sa kanila sa kabila ng paulit-ulit na pagsaway ay dapat na paalisin. Ano ang mga diskarte at partikular na pamamaraan para pigilan at limitahan sila? (Pungusan sila at bigyan ng babala.) Magandang pamamaraan ba ang pagpupungos? (Oo.) Ang paglalantad sa mga kilos nila, pagtutukoy sa mga pinakamalubha nilang problema, paghihimay sa diwa nila, at pagbibigay ng mga babala—hindi ba't mga pamamaraan ito na kaya namang gawin? Siyempre, ang pinakamahalagang bagay ay ang basahin sa kanila ang mga salita ng Diyos at gamitin ang mga salita ng Diyos bilang batayan para himukin at himayin sila. Kung hindi nila tinatanggap ang katotohanan at matigas silang tumatangging aminin ang mga pagkakamali nila, kinakailangan ang mas mahihigpit na pamamaraan. Una, bigyan sila ng babala, pagkatapos, gamitin ang mga atas administratibo ng iglesia para limitahan sila, hindi sila hinahayaan na walang ingat na gumawa ng masasamang gawa at guluhin ang mga kapatid. Dapat din silang pungusan at pangasiwaan. Kinakailangan ang mga pamamaraang ito, lahat ng ito ay para masigurong nagagawa nang maayos ang gawain ng iglesia at para maligtas ang mga tao, ginagabayan sila patungo sa tamang landas. Ang paggamit sa mga pamamaraang ito ay tiyak na magkakamit ng magagandang resulta. Sa isang banda, gamitin ang katotohanang nauunawaan ng mga tao para hikayatin at ilantad sila, na naghihimay sa disposisyon at diwa nila, naglalantad sa mga kalikasan ng mga kilos nila at sa malulubhang kahihinatnan na idinulot nila—ito ang pinakamaliit na puwedeng gawin ng mga tao. Ang susunod na hakbang ay ang himayin at kilatisin sila batay sa mga salita ng Diyos, at ilarawan sila nang naaayon. Kung susundin nila ang payo, tatanggapin ito, at magsisisi sila, siyempre, iyon ang pinakamainam. Gayumpaman, kung hindi nila ito tatanggapin at patuloy nilang guguluhin ang gawain ng iglesia, ano na ang dapat gawin? Sa ganoong kaso, hindi na kailangang maging magalang pa. May mga atas administratibo ang sambahayan ng Diyos, at sa puntong ito, ang naturang tao ay dapat pigilan at limitahan ayon sa mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos. Kung ang naturang tao ay isang bagong mananampalatayang may mababang tayog na hindi nakakaunawa sa katotohanan, puwede siyang tulungan nang may pagmamahal; puwede kang makipagbahaginan sa katotohanan para matulungan siyang makilala ang sarili niya. Para sa mga taong kayang tanggapin ang katotohanan at magsisi, hindi na sila kailangang pigilan, limitahan, at pungusan. Kung hindi nila tinatanggap ang katotohanan, hindi ito isang usapin ng pagkakaroon ng mababaw na pundasyon o mababang tayog at hindi pagkaunawa sa katotohanan; isa itong problema sa pagkatao nila. Para sa mga gayong tao, ang mga administratibong pamamahala at administratibong kaparusahan ang dapat gamitin para pigilan at limitahan sila. Ang pinakahuling epektong nakakamit ay ang pagtataguyod sa gawain ng iglesia at sa normal na kaayusan ng buhay iglesia, na magtutulot sa buhay iglesia na makapagpatuloy sa maayos na paraan. Tinatawag itong pagtutuwid sa mga

bagay-bagay, at ito ang epektong dapat makamit ng mga lider at manggagawa sa gawain nila. Kapag nakamit na nila ang epektong ito, saka lang nila natutupad ang responsabilidad nila. Kung babalewalain ng mga lider at manggagawa ang anumang mga problemang lumilitaw, tumutugon lang nang pabasta-basta gamit ang ilang salita at doktrina, o sinasaway at pinupungusan, sa isang simpleng paraan at gamit lang ang kaunting salita, iyong mga nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, malulutas ba nito ang problema? Bukod sa nabibigo nitong malutas ang problema, humahantong din ito sa mas malaking kaguluhan sa iglesia—karamihan ng tao ay nawawalan ng ganang gawin ang mga tungkulin nila at nagugulo sila sa magkakaibang antas, na nakakaapekto sa paggampan nila ng tungkulin. Natupad ba ng mga gayong lider at manggagawa ang responsabilidad nila? (Hindi.) Ipinapakita nito na walang kakayahan ang mga lider at manggagawang ito sa gawain nila.

III. Paglalantad sa Masasamang Gawa ng Masasamang Tao, Upang Magkaroon ng Pagkilatis ang Hinirang na mga Tao ng Diyos at Matuto ng mga Aral

Ang ikatlong hinihingi sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay na kapag nahaharap sa mga pagkagambala at kaguluhan na dulot ng masasamang tao, ang mga lider at manggagawa ay dapat na kumain at uminom ng salita ng Diyos kasama ang hinirang na mga tao ng Diyos para pagnilayan at kilalanin ng mga ito ang sarili nila, at magkaroon sila ng tunay na pagbabago. Dapat maakay ng mga lider at manggagawa ang hinirang na mga tao ng Diyos na makapasok sa katotohanang realidad, iwaksi ang mga tiwaling disposisyon ng mga ito, at makamit ang pagsunod sa Diyos, pagpapasakop sa Diyos, at pagpapatotoo sa Diyos. Ang ganitong uri lang ng gawain ang naaayon sa mga layunin ng Diyos. Sa isang banda, ang mga lider at manggagawang gumagawa sa ganitong paraan ay nagagawang lutasin ang mga problema at sangkapan ang sarili nila ng katotohanan habang gumagawa sila. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa katotohanan para lutasin ang mga problema, natutulungan nila ang mga kapatid na maunawaan ang katotohanan, malaman ng mga ito kung paano pagnilayan at kilalanin ang sarili nila, iwaksi ang mga tiwaling disposisyon nila, gawin nang maayos ang mga tungkulin nila, malaman kung paano kilatisin at tratuhin ang mga tao, makamit ang pagsunod sa Diyos at pagpapasakop sa Diyos, hindi mapigilan ng iba, at makapanindigan sa patotoo nila. Pagtupad ito sa mga tungkulin ng mga lider at manggagawa; ito ang prinsipyong dapat isagawa ng mga lider at manggagawa sa paglutas ng mga problema habang isinasagawa ang gawain ng iglesia. Anumang mga problema ang lumitaw sa iglesia, una sa lahat, dapat hanapin ng mga lider at manggagawa ang katotohanan, arukin ang mga layunin ng Diyos, at hanapin ang paggabay ng Diyos nang magkakasama. Pagkatapos, dapat silang maghanap ng mga nauugnay na mga salita ng Diyos para lutasin ang iba't ibang umiiral na problema. Sa proseso ng paglutas sa mga problema, ang mga lider at manggagawa ay dapat na mas makipagbahaginan sa mga kapatid tungkol sa mga nauugnay na salita

ng Diyos, at maunawaan ang diwa ng mga problema batay sa mga salita ng Diyos. Dapat din nilang himukin ang hinirang na mga tao ng Diyos na makipagbahaginan tungkol sa sariling pagkaunawa ng mga ito para makilatis ang mga isyung ito. Kapag pare-pareho na ang pagkaunawa ng mayorya at nagkaroon na ng kasunduan ang mga ito, mas madali nang malutas ang mga problema. Sa paglutas ng mga problema, huwag paulit-ulit na alalahanin ang mga pangyayari o usisain ang maliliit na detalye o sisihin ang mga indibidwal na sangkot sa mga problema. Sa umpisa, huwag tumuon sa maliliit na isyu; sa halip, malinaw na makipagbahaginan sa katotohanan, dahil mabubunyag nito ang kalikasan ng mga problema. Ang pamamaraang ito lang ang makakatulong sa hinirang na mga tao ng Diyos na matutunang kilatisin ang mga isyu batay sa mga salita ng Diyos, magkamit ng pagkilatis mula sa mga tao, pangyayari, at bagay na lumilitaw, at matuto ng mga praktikal na aral mula sa mga ito. Tinutulutan din sila nito na ikumpara sa tunay na buhay ang mga salita at doktrinang karaniwan nilang nauunawaan, na nagbibigay sa kanila ng kakayahan na tunay na maunawaan ang katotohanan. Hindi ba't ito ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Ang pag-akay sa hinirang na mga tao ng Diyos na makapasok sa katotohanang realidad ay pangunahing kinasasangkutan ng paggamit sa katotohanan para lutasin ang mga kuru-kuro at imahinasyon ng hinirang na mga tao ng Diyos at ang mga tiwaling disposisyon nila. Ang pamamaraang ito ang nagbubunga ng mga pinakamainam na resulta. Kapag mas nagagawa ng mga lider at manggagawa na gamitin ang katotohanan para lutasin ang mga problema, mas madaling nauunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan. Sa ganitong paraan, malalaman nila kung paano isagawa at gamitin ang salita ng Diyos sa tunay na buhay. Kung madalas na inaakay ng mga lider at manggagawa ang hinirang na mga tao ng Diyos para lutasin ang mga aktuwal na problema, madadala nila ang hinirang na mga tao ng Diyos sa katotohanang realidad at mailalapat din nila ang salita ng Diyos sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ba't masyado namang malaki ang hinihinging ito sa mga lider at manggagawa? Paano kami magkakaroon ng labis na pagkaunawa?" Maaaring wala ito sa iyo dati, pero hindi mo ba kayang matuto at magsagawa para makamit ang resultang ito? Ito ang paraan kung paano sinasanay ng gawain ng Diyos ang mga lider at manggagawa at ang hinirang na mga tao ng Diyos na makapasok sa katotohanang realidad. Kung hindi mo alam kung paano, puwede kang matuto at magsagawa. Anuman ang mga problemang lumitaw, dapat mong matutunan na pagnilayan ang sarili mo at kilalanin ang sarili mo batay sa mga salita ng Diyos; ito ang proseso ng pagsasagawa. Pagkatapos magsagawa nang ilang beses at magkamit ng mga resulta, magkakaroon ka ng landas at malalaman mo kung paano isagawa ang katotohanan. Kapag pumaparito ang Diyos para gumawa, ito ang paraan ng pag-akay Niya sa mga tao para matutunan ng mga ito na pumasok sa katotohanang realidad. Ang mga lider at manggagawa ay dapat na madalas na makipag-ugnayan sa mga kapatid, harapin ang mga problema nang magkakasama, lutasin ang mga problema nang magkakasama, at gawin nang maayos ang gawain ng iglesia. Paano dapat akayin

ng mga lider ng iglesia ang hinirang na mga tao ng Diyos? Ang pangunahing paraan ay ang akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos na tukuyin at lutasin ang mga problema sa tunay na buhay, isagawa at danasin ang salita ng Diyos sa tunay na buhay, para bukod sa maisasagawa ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan, makikilatis din nila ang mga negatibong bagay at mga negatibong tao—mga huwad na lider, mga huwad na manggagawa, masasamang tao, mga hindi mananampalataya, at mga anticristo. Ang layon ng pagkilatis sa iba't ibang tao ay ang malutas ang mga problema. Sa pamamagitan lang ng lubusang paglutas sa mga kaguluhang dulot ng masasamang tao at mga anticristo uusad nang maayos ang gawain ng iglesia, at maisasakatuparan ang kalooban ng Diyos sa iglesia. Kasabay nito, ang pagharap sa masasamang tao ay nagsisilbing babala rin para maiwasang makagawa ng mga pagkakamali o kasamaan, nagbibigay kakayahan sa sarili na magkaroon ng takot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Sa ganitong paraan, bukod sa tinutupad mo ang tungkulin mo at nagkakamit ka ng buhay pagpasok, nauunawaan mo rin ang katotohanan at nakakapasok ka sa katotohanang realidad. Hindi ba't dalawang ibon na ang napupukol mo gamit lang ang iisang bato? Kapag nauunawaan mo ang katotohanan at kaya mong lumutas ng mga problema, pinapatunayan nito na taglay mo ang kakayahan para maging isang lider o manggagawa at natutugunan mo ang mga hinihingi para malinang sa sambahayan ng Diyos; kaya, dapat mong pangunahan at gabayan ang mga kapatid sa pagkatutong kumilatis ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay sa tunay na buhay; magkamit ng pagkaunawa sa katotohanan; alamin kung paano tratuhin ang lahat ng uri ng tao na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia; alamin kung paano isagawa ang katotohanan, paano tratuhin ang iba't ibang tao nang ayon sa mga prinsipyo, at paano pagbahaginan ang katotohanan para lutasin ang mga problema. Responsabilidad mo ito. Sa pamamagitan ng pagsasagawa sa ganitong paraan, nakakapasok ka sa realidad ng mga salita ng Diyos. Matututo ka ng mga aral, magkakamit ka ng pagkilatis, at mauunawaan mo ang mga layunin ng Diyos sa bawat usaping dumarating sa tunay mong buhay, magkakaroon ka ng mga prinsipyo ng pagsasagawa sa kung paano mo papangasiwaan ang mga usapin, tatratuhin ang mga tao, at gagawin ang mga tungkulin mo. Sa ganitong paraan, maisasagawa mo ang katotohanan. Ang hinihingi ng Diyos sa mga tao ay ang magkamit ng mga gayong resulta. Samakatwid, anuman ang mga suliraning lumilitaw, palagi mo dapat matutunan ang iyong leksiyon at magkaroon ka ng pagkilatis; hindi mo ito dapat hayaang mawala na lang, ni hindi mo dapat palampasin ang anumang pagkakataon na matuto ka ng iyong leksiyon at magkaroon ng pagkilatis. Sapagkat nangyari ang isang bagay, hindi natin dapat harapin ito nang may negatibo at nagrereklamong saloobin; sa halip, dapat natin itong harapin nang may positibong saloobin. Paano iyon ginagawa? Sa pamamagitan ng paghahanap sa katotohanan para lutasin ang problema. Lahat ng tao ay may tiwaling disposisyon, at ang pagkatao nila ay maaaring mabuti o masama, kaya paanong hindi magkakaroon ng mga problema kapag nagtitipon ang mga tao? Ano dapat ang saloobin mo, ngayong naihanda na ng Diyos

ang sitwasyong ito para sa iyo, na naipakita na Niya sa iyo ang gayong mga tao, kaganapan, at mga bagay na nangyayari sa paligid mo? Pasalamatan ang Diyos sa paglalatag ng iba't ibang problemang ito sa iyong harapan. Binibigyan ka Niya ng pagkakataong magsagawa at matuto ng mga aral, at na makapasok sa katotohanang realidad. Bilang isang lider o manggagawa, dapat mo ring pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay Niya sa iyo ng gayong oportunidad. Anumang mga problema ang makaharap mo, dapat mong akayin ang mga kapatid na matutong kumilatis, makakuha ng mga aral, at magkaroon ng mga kabatiran kasama mo. Dagdag pa rito, dapat mo silang akayin kasama mo para pagnilayan at unawain kung anong mga kuru-kuro at imahinasyon mayroon ang mga tao tungkol sa problema, kung anong mga baluktot na pananaw ang umiiral, anong mga aral ang natutunan mula sa pagharap sa usaping ito, anong mga maling kuru-kuro at pananaw ang nalutas, at anong mga katotohanan ang naunawaan sa huli. Ganito dapat danasin ng isang tao ang gawain ng Diyos, walang pinapalampas na ni isang usapin. Kung maraming taon mo nang dinaranas ang gawain ng Diyos at marami ka nang nalutas na problema, makikita mong ang mga salita ng Diyos ay pawang ang katotohanan at tiyak na kayang linisin ang mga tao at iligtas sila mula sa impluwensiya ni Satanas. Kapag nauunawaan at nakakamit ng mga tao ang katotohanan, makikita nilang ang mga salita ng Diyos ay ganap na natutupad at naisasakatuparan. Kapag nagagawang isagawa at danasin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga salita ng Diyos, magagawa na nilang ilapat ang mga salita ng Diyos sa kanilang tunay na buhay, gamitin ang salita ng Diyos nang tama para tingnan ang mga tao at usapin, at sukatin ang mga tao at lahat ng ginagawa nila nang ayon sa salita ng Diyos, sa halip na umasa sa nakikita nila o sa mga nararamdaman nila, at tiyak na hindi sa mga kuru-kuro o imahinasyon. Kapag natutunan na nila ang mga aral na ito, nagiging mas madali na para sa kanila na mamuhay batay sa mga salita ng Diyos, at madalas ay nagagawa nilang mamuhay sa presensiya ng Diyos. Sa ganitong paraan, ang mga lider at manggagawa ay ganap na pasok sa pamantayan sa gawain nila, at natutupad ang mga responsabilidad nila. Makakamit lang ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga pakinabang na ito kapag ginagawa nang lubusan ng mga lider at manggagawa ang kanilang gawain. Kung, sa maraming sitwasyong kinakaharap mo, hindi mo alam kung paano akayin ang mga kapatid para matuto sila ng mga aral at hindi mo makilatis ang iba't ibang tao, pangyayari o bagay, isa kang tao na bulag, manhid, at mapurol at magulo ang utak. Kapag nahaharap sa mga gayong sitwasyon, bukod sa malilito ka, hindi mo alam kung paano papangasiwaan ang mga ito, at wala kang kakayahan para sa gawaing ito, makakaapekto rin ito sa pagdanas ng mga kapatid sa mga tao, pangyayari, at bagay na ito. Kung pinapangasiwaan mo nang di-wasto ang mga bagay, kung hindi ka gumagawa ng anumang gawain, walang sinasabing anuman para makipagbahaginan sa katotohanan na nararapat mong gawin, at hindi ka makapagsabi ng anumang bagay na kapaki-pakinabang at nakakapagpatibay sa iba, kapag maraming tao ang naranasan ang mga tao, pangyayari, at bagay na ito na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan,

bukod sa mabibigo silang tanggapin ang mga usaping ito mula sa Diyos, tratuhin ang mga ito nang positibo at aktibo, at matuto ng mga aral mula sa mga ito, lalo pang lalala ang kanilang mga kuru-kuro at pagiging mapagbantay laban sa Diyos, gayundin ang kanilang di-pagtitiwala at paghihinala sa Kanya. Hindi ba't ito ang kahihinatnan ng kawalan ng katotohanang realidad ng mga lider at manggagawa at ng kawalan nila ng kakayahang gamitin ang katotohanan para malutas ang mga problema? Hindi ba't isa itong tanda na hindi kayang gumawa ng aktuwal na gawain ng mga lider at manggagawa? Hindi mo ginawa nang maayos ang gawain ng iglesia, hindi mo nakumpleto ang atas na ibinigay ng Diyos sa iyo, hindi mo natupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi mo naakay palabas ang mga kapatid mula sa kapangyarihan ni Satanas. Namumuhay pa rin sila sa loob ng mga tiwaling disposisyon at mga tukso ni Satanas. Hindi ba't inaantala mo ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos? Labis mong pinipinsala ang mga tao! Bilang isang lider o manggagawa, dapat mong tanggapin ang atas ng Diyos, akayin ang mga kapatid sa harap ng Diyos, hayaan ang hinirang na mga tao ng Diyos na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos para magkamit ng pagkaunawa sa katotohanan at gawin ang mga tungkulin nila nang may mga prinsipyo, nang sa gayon ay nadaragdagan ang pananalig nila sa Diyos. Bukod sa nabigo kang magsagawa sa ganitong paraan, hindi mo rin nilimitahan o nilutas ang mga kaguluhang dinulot ng masasamang tao, na nagdudulot ng pinsala sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Matapos manampalataya sa Diyos sa loob ng maraming taon, bukod sa wala silang naging pag-usad at hindi nila naunawaan ang katotohanan at hindi sila nagkamit ng kaalaman sa Diyos, nagkaroon pa sila ng maraming kuru-kuro at maling pagkaunawa tungkol sa Diyos, nang walang anumang tunay na pagpapasakop. Kung gayon, hindi ba't sa aktuwal, ang lahat ng ginawa mo ay nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng Diyos? Bukod sa hindi mo inakay ang hinirang na mga tao ng Diyos papunta sa katotohanang realidad o pinrotektahan sila, hinayaan mo pa silang magulo ng masasamang tao at mailihis at makontrol ng mga anticristo. Hindi ba't gumawa ka ng mga bagay na nakakasakit sa sarili mong mga tao at nakakalugod sa mga kaaway mo? Hindi ba't tumutulong at sumusuporta ka sa kasamaan? Napakatagal mo nang gumagawa; gayumpaman, bukod sa nabigo kang magkamit ng mga positibong resulta, lalo mo pang pinalaki ang agwat sa pagitan ng mga kapatid at ng Diyos, at dahil dito, maraming taon nang nananampalataya sa Diyos ang hinirang na mga tao ng Diyos nang hindi nila nauunawaan ang katotohanan o natututunan kung paano kilatisin ang mga paggambala at panggugulo ng masasamang tao, na labis na nakakaapekto sa kanilang buhay pagpasok. Ano ang isyu rito? Hindi ba't paggawa ito ng maraming kasamaan? Anuman ang gawaing ginagawa ng mga lider at manggagawa, kung hindi nila magagawang kumilos ayon sa mga hinihingi ng Diyos at pangasiwaan ang mga usapin o lutasin ang mga problema nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo, ang impluwensiya nila ay hindi lang limitado sa kanilang sarili o sa iilang tao lang; makakaapekto ito sa gawain ng iglesia, sa buhay pagpasok ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia,

sa resulta ng paggawa ng hinirang na mga tao ng Diyos ng mga tungkulin nila, sa mga resulta ng pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian, at maging sa kung ang hinirang na mga tao ng Diyos ay maliligtas at madadala sa kaharian ng Diyos—lahat ng ito ay bahaging maaaring maapektuhan nito. May ilang tao na nananampalataya sa Diyos pero sumusunod sa mga huwad na lider at anticristo, na nauuwi sa kanilang pagkasira. Katulad lang ito ng mga tao sa mga relihiyosong samahan na nalilihis at nakokontrol ng mga pastor at elder, na nagreresulta sa kanilang pagkabigong salubungin ang Diyos sa Kanyang pagbabalik at sa halip ay nahuhulog sila sa sakuna. Kitang-kita na totoo ang lahat ng ito. Kaya naman, ang kakayahang makilatis ang mga huwad na lider at anticristo ay lubos na kapaki-pakinabang sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos!

Ang ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay hinihingi sa kanila na gampanan ang tatlong pinakamahalagang gampanin: Una, dapat nilang tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng iglesia. Ikalawa, matapos makilatis at mailarawan ang mga ito, dapat nilang agad na pigilan at limitahan ang masasamang tao; ito ang ikalawang hakbang. Ikatlo, habang pinipigilan at nililimitahan ang masasamang tao at binabago ang mga bagay-bagay, dapat silang madalas na makipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos kasama ang mga kapatid para ilantad ang masasamang gawa ng masasamang tao, at mahigpit na subaybayan ang mga reaksiyon at pag-unawa ng mga kapatid tungkol sa usaping ito, agad na itinatama ang anumang maling pananaw na mayroon ang mga kapatid. Siyempre, kung may mga kabatiran ang ilang kapatid na naghahangad sa katotohanan, dapat silang hikayatin na mas makipagbahaginan pa. Dagdag pa rito, dapat ding tulungan ng mga lider at manggagawa iyong mga mahina o may mababang tayog, at hikayatin ang mga ito na mas magsalita pa. Ang layunin nito ay tulungan ang mga kapatid na magkaroon ng pagkilatis at matuto ng mga aral mula sa mga kaganapang nangyayari, para matuto silang kilatisin ang mga tao at usapin. Ang layon ng pagkilatis sa mga tao at usapin ay para bigyan sila ng kakayahan na tumpak na maunawaan ang iba't ibang uri ng tao at, ayon sa mga katotohanang prinsipyo, tratuhin ang mga ito gamit ang mga tamang paraan, habang natututo rin sila ng mga aral. Anong mga aral ang dapat nilang matutunan? Dapat nilang obserbahan kung ano ang saloobin ng Diyos sa mga taong ito kapag hinihimay at inilalantad Niya ang mga kalagayan ng mga ito—ang pag-alam sa saloobin ng Diyos sa mga taong ito ay mas inililinaw kung anong uri dapat ng tao maging ang isang tao at anong landas ang dapat na tahakin, hindi ba? (Oo.) Sa madaling salita, ang pinakaresulta na dapat makamit ay maunawaan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang katotohanan at makapasok sila sa realidad sa mga kapaligiran sa tunay na buhay, para magawa nila nang normal ang mga tungkulin nila, at makapagpasakop sila sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos. Sa ganitong paraan, ang paggampan ng mga lider at manggagawa sa gawain ng iglesia ay magiging naaayon sa mga layunin ng Diyos. Batay sa tatlong hakbang ng paggampan sa gawaing ito, mahirap ba para sa mga lider at manggagawa na maayos

na magawa ang gawaing ito? (Hindi.) Kung umaasa sa kabaitan at kakayahan ng tao, maaaring medyo mahirap gawin nang maayos ang gawaing ito, dahil hindi mo makakamit ang resultang hinihingi ng Diyos at hindi mo matutupad ang mga tunay na responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Magagawa mo ba nang maayos ang gawaing ito kung umaasa sa mga tiwaling disposisyon ng tao? (Hindi.) Sa tumpak na pananalita, ang pag-asa sa mga tiwaling disposisyon para magawa ang gawaing ito ay nangangahulugan ng pagkilos batay sa mga sarili mong mga ideya. Ano ang magiging resulta nito? (Magdudulot ito ng kaguluhan sa iglesia.) Ito ang isang kahihinatnan: Habang mas gumagawa ka, mas lalong nagiging magulo ang mga bagay-bagay. Ano ang kaguluhan? Ano ang mga partikular na kalagayan ng kaguluhan? Ito ay kapag, sa mga pagtitipon, ang mga tao ay hindi makakain at makainom ng mga salita ng Diyos nang normal o makapagbahaginan sa katotohanan. Palaging may masasamang tao at mga hindi mananampalataya na nagdudulot ng mga kaguluhan, o palaging may mga pagtatalo, kung saan pinanghahawakan ng bawat tao ang sari-sarili nilang pananaw at bumubuo sila ng mga paksiyon at pangkat; ang mga kapatid ay walang pagkilatis at hindi alam ang gagawin, iyong mga may espirituwal na pagkaunawa at nagmamahal sa katotohanan ay nagugulo rin, at hindi lumalago ang buhay nila. Sa gayong iglesia, ang masasamang tao at mga hindi mananampalataya ang ganap na may kapangyarihan, at hindi gumagawa ang Banal na Espiritu. Sa gayong iglesia, anuman ang mangyari, lahat ng tao ay nagsasalita nang sabay-sabay, nagpapahayag ng iba't ibang pananaw, pero halos walang tamang pananaw ang nasasabi. Agad na nahahati ang iglesia sa maraming paksiyon, walang pagkakaisa sa mga tao, at walang palatandaan ng paggawa o paggabay ng Banal na Espiritu. Ang mga tao ay mapagbantay laban sa isa't isa at pinaghihinalaan ang isa't isa; dalawa o tatlong grupo ang nag-aagawan para sa kapangyarihan at pakinabang; lahat ay naghahanap ng sarili nilang mga tagasuporta, at binabatikos at inihihiwalay nila ang mga hindi sumasang-ayon sa kanila; at maaaring magawa ang iba't ibang uri ng masasamang gawa. Ganito ang hitsura ng kaguluhan. Paano nagiging ganito ang sitwasyon? Hindi ba't dahil sa kawalan ng kakayahan ng mga lider at manggagawa na gawin ang gawain nila? (Oo.) Ang paggawa ng mga lider at manggagawa ayon sa sarili nilang mga ideya ay nagdudulot ng mga ganitong kahihinatnan. Ano ang ibig sabihin ng paggawa batay sa sariling mga ideya ng isang tao? Ang ibig sabihin nito ay hindi pagkaunawa sa katotohanan, kawalan ng mga prinsipyo, at kumikilos nang bulag batay sa mga tiwaling disposisyon at mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao, na nagdudulot ng higit pang kaguluhan sa iglesia. Maaaring sabihin ng ilang tao, "Paanong may masasamang taong nagdudulot ng mga kaguluhan sa iglesia? Hindi ko alam kung sino ang tama at sino ang mali, o kung kanino ako kakampi." Maaari namang sabihin ng iba, "Nahahati ang iglesia sa ilang paksiyon. Paano naman natin maisasabuhay ang buhay iglesia? Ang bawat pagtitipon ay walang saysay at sayang lang sa oras. Ang patuloy na pananampalataya sa ganitong paraan ay walang maidudulot na anumang resulta." Kapag ang isang iglesia ay naging napakagulo na

hindi na makapamuhay ng buhay iglesia ang hinirang na mga tao ng Diyos, ganap itong itinataboy ng Diyos. Malinaw nitong ipinapakita na hangga't ang masasamang tao at mga hindi mananampalataya ang may hawak ng kapangyarihan, sisirain nila ang iglesia. Hindi gagana ang iglesia kung wala ang mababuting tao at iyong mga nagsasagawa sa katotohanan bilang mga lider at manggagawa—kung wala sila, magiging imposibleng makontrol ang sitwasyon! Kung ang masasamang tao at mga hindi mananampalataya ay hindi malilimitahan, walang magiging buhay iglesia, at ang normal na kaayusan ng iglesia ay ganap na masisira, magiging magulo. Ito ang resulta kapag hindi maayos na ginagawa ng mga lider at manggagawa ang mga gawain nila. Kung hindi magawa ng mga lider at manggagawa na tanggapin ang katotohanan, maging mapagsaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, o umasa sa Diyos, kung gayon ay hindi nila magagawa nang maayos ang gawain ng iglesia. Hindi nila malulutas ang anumang problemang lumilitaw sa iglesia o malulutas ang anumang suliraning kinakaharap ng hinirang na mga tao ng Diyos. Magkakaroon ba ng magagandang resulta ang mga gayong lider at manggagawa kung sila ang may kapangyarihan? Ang magagawa lang nila ay magdulot ng kaguluhan sa iglesia—sa huli, ganito ang uri ng sitwasyong lumilitaw. Pagkatapos, nagiging walang buhay ang iglesiang ito, isang lugar kung saan si Satanas ang may hawak ng kapangyarihan; nasisira at nagbabago ito. Hindi kikilalanin ng Diyos ang iglesiang ito, at hindi gagawa ang Banal na Espiritu rito. Ang gayong iglesia ay iglesia lang sa pangalan at dapat nang patigilin.

Paghihimay sa mga Pagpapamalas ng mga Huwad na Lider Batay sa Ikalabindalawang Responsabilidad

I. Ang mga Huwad na Lider ay May Mahinang Kakayahan at Hindi Magawang Tukuyin ang mga Problema ng mga Paggambala at Panggugulo

Ito ang mga gampaning kailangang gawin ng mga lider at manggagawa tulad ng nakabalangkas sa ikalabindalawang responsabilidad; hindi na tayo magbabahaginan tungkol sa anumang mas partikular na mga halimbawa ngayon. Ang tema ng pagbabahaginan ngayon ay ang ilantad ang mga partikular na pagpapamalas ng mga huwad na lider habang ginagampanan nila ang mga gampaning ito, at tukuyin kung aling mga pag-uugali ang sumasalamin sa diwa ng mga huwad na lider at maaaring gamitin para ilarawan ang isang tao bilang gayon. Ito ang pangunahing paksa ng pagbabahaginan ngayon. Una, ang hinihingi sa mga lider at manggagawa sa gawaing ito ay ang agarang pagtukoy sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia. Ang agarang pagtukoy ay isang hinihinging pamantayan sa mga lider at manggagawa. Sa tuwing may nangyayari, sa sandaling may kaunting pahiwatig na may anumang mali, tulad ng mga senyales ng masasamang tao na nagsisimulang kumilos, o ng sinumang nagpapakita ng mga indikasyon ng pagdudulot ng problema, dapat

maramdaman ito ng mga lider at manggagawa at maging alerto sila. Kung manhid sila at mapurol ang isip nila, magiging problema ito. Lalo na sa mga sitwasyong may masasamang taong nagdudulot ng mga kaguluhan, sa sandaling magsimulang lumitaw ang isyung ito at hindi malinaw kung ano ang balak na gawin ng mga taong ito o kung ano ang susunod na mangyayari—ibig sabihin, kapag hindi pa makilatis ng mga lider at manggagawa ang usaping ito—hindi sila dapat kumilos nang bulag o alertuhin ang mga taong ito nang maaga para maiwasan ang maling paghuhusga. Gayumpaman, hindi ito nangangahulugan ng hindi pagpansin o pagiging walang kamalayan sa sitwasyon. Sa halip, nangangahulugan ito ng paghihintay at pagmamasid para makita kung ano ang mangyayari sa mga bagay-bagay at kung ano ang mga intensiyon, layon, at motibo ng mga taong ito. Ito ang gawaing kailangang gawin ng mga lider at manggagawa. Kapag ang sitwasyon ay umabot na sa isang partikular na antas, at nagsimula nang magbulalas ng pagkanegatibo at magpakalat ng mga panlilinlang ang mga taong ito, na nagdudulot ng mga kaguluhan sa hinirang na mga tao ng Diyos, dapat agarang kumilos ang mga lider at manggagawa. Dapat silang tumindig nang walang pag-aatubili para ilantad, himayin, at limitahan ang masasamang gawa ng mga indibidwal na ito, tinutulungan ang iba na matuto ng mga aral at makakilatis at makakilala sa masasamang tao. Ito ang proseso ng agaran at tumpak na pagtukoy sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan—ito ang ibig sabihin ng paggawa ng mga lider at manggagawa sa gawaing ito. Ang pangunahing layon ng gawaing ito ay tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, at pagkatapos ay agad na lutasin ang mga ito. Ito ang kayang makamit ng mga lider at manggagawa. Kaya, ano ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider sa gawaing ito? Paano natin mahihimay at makikilatis ang mga huwad na lider? Malinaw na ang mga huwad na lider ay hindi kayang agaran at tumpak na matukoy ang mga kaguluhang dulot ng masasamang tao sa gawain ng iglesia. Ito ang pinakamalinaw na isyu sa paggampan ng mga huwad na lider sa gawain ng iglesia—wala silang pagkilatis sa mga kaguluhang dulot ng masasamang tao sa gawain ng iglesia. Bakit sinasabing hindi kaya ng mga huwad na lider na tukuyin ang mga problema o makilatis ang diwa ng mga ito? Ang mga kilos ng ilang tao ay malinaw na mga paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia, pero hindi kayang makilatis o makita ng mga huwad na lider ang mga problema; bulag sila. Ang ilang tao ay nagbubulalas ng pagkanegatibo, nanlilihis, at nanggugulo sa iba sa iglesia. Ang iba ay bumubuo ng mga paksiyon, palihim na gumagawa ng mga kahina-hinalang kasunduan, madalas na hinuhusgahan ang mga partikular na indibidwal kapag nakatalikod ang mga ito. Walang habas na inaakit at nilalandi ng iba ang isa't isa. Nagpapanggap ang mga huwad na lider na hindi nila nakikita ang mga bagay na ito; ganap na wala silang kamalayan kung gaano kalubha ang mga isyung ito at kung gaano karaming paghahangad sa katotohanan at paggampan sa tungkulin ng mga tao ang maaapektuhan kung hindi malulutas ang mga isyung ito, pati na rin kung ano ang mga kahihinatnan ng mga ito, kaya binabalewala nila ang mga ito.

Kapag napapansin ng ilang tao ang mga isyu at iniuulat nila ang mga ito sa isang huwad na lider, maaaring sabihin ng huwad na lider, “Lahat naman sila ay mga kapatid—sino ba ang hindi nagpapakita ng katiwalian? Sino ba ang walang mga emosyon at pagnanais? Huwag ninyong basta-bastang husgahan at kondenahin ang iba!” Gaano man kakatawa-tawa, kabuktot, o kakontra sa katotohanan ang isang bagay sa iglesia, sadyang hindi ito nakikita ng mga huwad na lider. Ang ilang tao, sa mga pagtitipon, ay palaging nagsasalita nang negatibo, nagsasabi ng mga bagay na tulad ng, “Palagi nilang sinasabing malapit na ang araw ng Diyos—kailan ba talaga ito darating?” Hindi namamalayang naaapektuhan nito ang ilang kapatid, pero ano ang tugon ng huwad na lider? Itinuturing nila itong normal na kahinaan at hindi nila nakikitang ito ay pagbubulalas ng pagkanegatibo, panlilihis, at panggugulo sa iba. Malinaw na naaapektuhan ang ilang kapatid sa paggawa ng mga tungkulin nila. Ayaw na nilang ipangaral ang ebanghelyo at hindi na sila positibo at aktibong lumalahok sa mga pagtitipon. Sa tuwing may pagtitipon, kailangan pa silang tawagin para dumalo. Pero hindi ito nakikita ng huwad na lider bilang isang problema. Hindi niya napapansin kung anong mga pagbabago ang nangyayari sa iglesia kapag lumilitaw ang problemang ito. Wala sa loob lang siyang nagdaraos ng mga pagtitipon dahil iyon na ang nakagawian, hindi niya alam ang nangyayari sa likod ng mga eksena, ang mga pagbabago sa mga kalagayan ng mga tao, kung anong mga problema mayroon ang mga tao, kung sino ang nagdulot ng mga ito, kung sino ang mga pangunahing salarin, kung kanino nanggaling ang mga problema, at kung ano bang mga isyu ang kailangang lutasin—hindi niya makita ang anuman sa mga ito. Dahil ba wala siyang paningin kaya hindi niya makita ang mga bagay na ito? (Hindi.) Dahil may paningin naman siya, bakit kapag lumilitaw sa iglesia ang gayong malulubhang paggambala, panggugulo, at malilinaw na panlilinlang, hindi niya makita o matukoy ang mga ito? Malinaw na bulag at walang espirituwal na pang-unawa ang lider na ito. Sinasabi ng ilang tao, “Bagama’t hindi niya matukoy ang mga problemang ito, kaya niyang basahin ang mga salita ng Diyos sa mga tao sa mga pagtitipon. Anuman ang pagkaunawa ng mga tao sa pagbabasa niya o nagbubunga man ito ng anumang resulta, patuloy pa rin siyang nagbabasa ng mga salita ng Diyos. Batay lang sa dahilang ito, maituturing na siyang isang mabuting lider.” Nakatutok lang siya sa pagbabasa ng mga salita ng Diyos—kung hindi ito humahantong sa anumang resulta, hindi ba’t pagraos lang ito ng mga bagay-bagay? Kung hindi niya kayang lumutas ng mga problema, anong pakinabang ang makakamit ng mga tao mula sa mga pagtitipon? Kaya, isa bang huwad na lider ang lider na ito? (Oo.) Ang isang pagpapamalas ng isang huwad na lider kapag ginagampanan ang gawaing ito ay pagiging bulag. Bulag siya—gaano man kahalata ang problemang nasa mismong harapan niya o nangyayari sa paligid niya, hindi niya ito makita o matukoy. Sa panlabas, maaaring tila mas pinapahalagahan niya ang mga salita ng Diyos kaysa sa pangkaraniwang tao, pero hindi niya nauunawaan kung tungkol saan ang mga salita ng Diyos, kung sinong mga tao ang tinutukoy ng mga ito, o kung aling mga sitwasyon ang tinutugunan ng mga ito—hindi niya maiugnay ang mga salita ng Diyos sa

tunay na buhay. Kung gayon, ano ang pagkaunawang pinagbabahaginan niya? Naaayon ba ang mga ito sa katotohanan? Makakalutas ba ang mga ito ng mga tunay na problema? (Hindi.) Kapag nangangaral siya, naglilitanya siya ng mga walang kabuluhang retorika, na para bang labis niyang nauunawaan ang katotohanan, pero hindi niya matukoy ang malilinaw na kaguluhang idinulot ng masasamang tao sa iglesia, sa halip ay umaakto siya na parang walang nangyari. Ipinapakita ba nitong nauunawaan niya ang katotohanan at na may pagkilatis siya? May tunay ba siyang pagkaunawa sa mga salita ng Diyos? (Wala.) Kung kaya niyang basahin ang mga salita ng Diyos nang normal, bakit hindi niya magamit ang mga ito para tingnan at lutasin ang mga problema? Bakit hindi kailanman nagbubukas ang isipan niya kapag nagbabasa siya ng mga salita ng Diyos? Bakit wala siyang masigasig na puso kapag nagbabasa ng mga salita ng Diyos? Ano ang ugat ng isyung ito? Bakit bulag siya? Ano ang dahilan ng pagkabulag niya? (Dahil wala siyang abilidad na maarok ang salita ng Diyos at napakahina ng kakayahan niya.) Tama. Hindi dahil sa bulag ang mga mata niya, kundi ang puso niya ang bulag. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng bulag na puso? Ang ibig sabihin nito ay pagkakaroon ng napakahinang kakayahan at kawalan ng abilidad na maarok ang mga salita ng Diyos. Kahit gaano karaming salita ng Diyos ang basahin niya, nauunawaan lang niya ito sa isang mababaw na antas. Hindi niya ito maiugnay sa iba't ibang tao, pangyayari, bagay, at sitwasyong lumilitaw sa iglesia, ni hindi niya matrato, mapangasiwaan, at malutas ang iba't ibang problema ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ang ugat ng pagiging bulag niya—mahina ang kakayahan niya at hindi niya kaya ang ganitong gawain. Samakatwid, gaano man siya magsipag sa pag-aaral at mahigpit na magsanay, at gaano man siya magsikap na gumawa para makabawi sa kawalan niya ng abilidad, kaya ba niyang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Hindi. Labis na kaawa-awa ang mga taong ito. Gaano man niya sangkapan ang sarili niya ng mga salita at doktrina, hindi niya matupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa o maisakatuparan ang gawaing ito.

Ngayon lang, pinagbahaginan natin ang isang pagpapamalas ng mga huwad na lider na ito, iyon ay na hindi nila nakikita na ang mga kilos ng masasamang tao at mga anticristo ay nagdudulot ng mga kaguluhan sa iglesia, ni hindi nila makilatis ang diwa ng masasamang tao at mga anticristo. Kapag nahaharap sila sa mga usapin kung saan nagdudulot ang masasamang tao ng mga pagkagambala at kaguluhan, minsan ay maaaring mapansin nila ang kaunting pahiwatig, o, sa pamamagitan man ng kanilang karanasan, damdamin, o kutob, maaaring maramdaman lang nila na may hindi tama, na medyo hindi normal ang ekspresyon, tingin, at mga salita ng taong ito. Maaaring may kaunti silang maramdaman, pero hindi nila makilatis ang maraming bagay, at hindi nila natutukoy ang karamihan ng mga problema. Ano ang dahilan kung bakit hindi nila nakikilatis ang diwa ng mga problema? Sangkot dito ang isa pang isyu. Napakasipag nila, nananatili sa silid nila buong araw kakasulat ng mga sermon, gumagawa ng mga tala tungkol sa kanilang mga espirituwal na debosyon, nagsusulat ng mga pagkaunawa

at karanasan nila sa mga salita ng Diyos, nag-aaral ng mga himno, nagtatakda ng mga layon sa kung ilang beses silang magdarasal, gaano karaming mga salita ng Diyos ang babasahin, at kung gaano karaming mga sermon ang pakikinggan sa bawat araw, at kung ilang oras magsusulat ng artikulo ng patotoong batay sa karanasan—tinatapos nila ang lahat ng gampaning ito, kaya bakit hindi pa rin nila makilatis ang mga bagay-bagay kapag nangyayari ang mga ito? Hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Kaya lang nilang maglitanya ng mga salita at doktrina at hindi nila kayang lumutas ng mga aktuwal na problema. Ang ilang tao ay palaging nagsasabi ng mga salita at doktrina para ilihis ang iba, at hindi ito makilatis ng mga huwad na lider. Bagama't minsan ay nararamdaman nilang may mali, na maaaring may problema, dahil nakikita nilang hindi naman mukhang masama ang mga taong iyon, pinapalampas na lang nila ang isyu nang may magulong pag-iisip. Hindi nila kayang hanapin ang mga katotohanang prinsipyo para makilala ang mga gayong problema, at kahit nabasa na nila ang mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga kalagayan at diwa ng mga gayong tao, hindi nila alam kung paano iuugnay ang mga iyon sa mga sitwasyong ito. Magulo ang isipan nila at hindi nila makilatis ang mga bagay na ito. Kapag gusto nilang maghanap, hindi nila alam kung paano ito ipapahayag. Matagal silang nagsasalita nang hindi naipapaliwanag ang diwa ng problema, at nang hindi malinaw na nailalarawan kung ano ang kabuuang mga pagpapamalas ng mga gayong tao, kung ano ang pagkatao, hangarin, paggampan ng mga tungkulin, at kapasyahan para gugulin ang sarili ng mga ito para sa Diyos, o kung ano ang saloobin ng mga ito sa katotohanan, at kung ang mga ito ba ay mga taong tumatanggap sa katotohanan. Hindi makilatis o malinaw na maipaliwanag ng mga huwad na lider ang mga usaping ito. Kahit nararamdaman nilang may problema, patuloy lang sila sa pagsasalita, kung ano-anong sinasabi, nang hindi naman nililinaw ang punto nila. Ang mga tagapakinig nila ay kailangang magawang kilalanin, kuhanin ang mahahalagang punto, at suriin ang mga salita nila para malaman ang mga tanong na itinatanong nila, ang pangkalahatang kalagayan ng taong inilalarawan nila, at sa huli, ilarawan ang diwa ng taong iyon—kung ito ba ay masama o mabuti, kung ito ba ay isang taong naghahangad sa katotohanan o isang trabahador lang. Kapag hiniling mo sa isang huwad na lider na ilarawan ang isang isyu o kung magtatanong ka, hindi niya kailanman malinaw na mailalarawan ang ugat at diwa ng isyu o ang pangunahing punto nito. Sa madaling salita, ang mga huwad na lider ay walang anumang partikular na saloobin sa mga problemang hindi nila makilatis, at para sa mga usaping may napapansin silang ilang pahiwatig, hindi pa rin nila makilatis ang diwa ng mga problemang ito. Kahit na nagbubulalas ng pagkanegatibo at nagkakalat ng mga kuru-kuro ang ilang tao, na nagdudulot ng masamang epekto sa buhay iglesia, hindi nila ito makilatis. Hindi nila makilatis o mailarawan ang diwa ng isang problema mula sa panlabas nito o mula sa panimulang yugto nito. Siyempre, hindi simpleng usapin ang makilatis ang diwa ng isang problema. Ang pinakamahalagang bagay sa gawain ng iglesia ay makilatis ang diwa ng iba't ibang tao batay sa mga salita ng Diyos. Makakamit ito ng mga nakakaunawa sa

katotohanan, pero hindi ito makakamit ng mga huwad na lider at huwad na manggagawa. Kapag nakikita nilang ginugulo ng mga anticristo ang gawain ng iglesia, hindi nila makilatis ang diwa ng problema at ipinagtatanggol pa nila ang mga anticristo, sinasabi nila, “Nagbubunyag lang sila ng ilang tiwaling disposisyon, at medyo mayabang, sutil, at di-makatwiran sila. Kaya pa rin nilang magtiis ng hirap habang ginagawa ang mga tungkulin nila. Kaya hindi natin sila dapat husgahan at kondenahin; hindi natin dapat palakihin ang isyu.” Tinatanong ng iba, “Kung kaya nilang magtiis ng hirap habang ginagawa ang mga tungkulin nila, sila ba ay mga taong naghahangad sa katotohanan? Hinikayat, nilihis o inakit ba nila ang iba noong walang nakakakita? Itinaas at pinatotohanan ba nila ang sarili nila?” Hindi makilatis ng mga huwad na lider ang mga usaping ito. May ilang tao pa nga na, sa likod ng pagpapanggap na nagpapatotoo sila sa Diyos, sinasadya nilang siraan at lapastanganin ang Diyos at sinasadya ring magpakalat ng walang batayang mga tsismis habang hinihimay at tinatalakay ang tungkol sa pagkilala sa sarili nilang mga kuru-kuro tungkol sa Diyos. Pagkarinig sa kanila, maaaring maramdaman ng mga huwad na lider na parang may mali sa sinabi nila, pero hindi nila makilatis kung gaano kaseryoso ang isyu, lalong hindi nila makita ang negatibong epekto at malulubhang kahihinatnang dulot ng mga salitang ito. Samakatwid, ganap na hindi napapansin ng mga huwad na lider ang iba’t ibang paggambala at panggugulo na nangyayari sa mismong harapan nila, o kung mapansin man nila ang mga ito, hindi nila alam kung paano ilarawan ang mga ito o kung paano iuugnay ang mga salita ng Diyos sa mga sitwasyong ito. Nagiging magulo para sa kanila ang mga napakalinaw na usaping ito. Ang mga huwad na lider ay mga hangal. Sa iglesia, hindi nila makilala kung sino ang mga tao na naghahangad sa katotohanan, at kung sino ang mga tunay na mananampalataya na kayang tumanggap sa katotohanan. Hindi nila makilala kung sino ang mga taong hindi naghahangad sa katotohanan pero kaya pa ring magtrabaho, at karaniwang handang magbayad ng halaga at kumilos ayon sa mga prinsipyo, at medyo masunurin at mapagpasakop, kahit na paminsan-minsan ay nagsasabi ng ilang negatibong salita. Hindi rin nila makilala kung sino ang mga tao na eksklusibong gumaganap ng mga negatibong papel, nagbubulalas ng pagkanegatibo at nanghuhusga ng iba, at palaging may mga kuru-kuro tungkol sa lahat ng pagsasaayos sa gawain ng sambahayan ng Diyos at sa mga tuntunin at hinihingi hinggil sa lahat ng aytem ng gawain sa sambahayan ng Diyos, nagkikimkim ng saloobin ng paglaban sa halip na pagtanggap, at pagiging partikular na walang paggalang sa mga bagay na ito, hanggang sa puntong hinuhusgahan pa ang mga ito. Sa madaling salita, hindi makilatis ng mga huwad na lider ang anumang klase ng mga tao. Ang mas malala pa, sa iglesia, may ilang tao na madalas na nagpapakalat ng mga kuru-kuro, nagbubulalas ng pagkanegatibo, at hindi man lang nagbabasa ng mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon. Palagi silang nagpapangkat-pangkat, nakikisangkot sa selosan at alitan. Ang ilang tao ay palaging gustong maging lider, palaging gustong maging palamunin ng iglesia, at palaging gustong kamkamin ang ari-arian ng sambahayan ng Diyos. May ilang tao ring mukhang

may mabubuting asal sa panlabas pero walang ginagampanang positibong papel sa mga tungkulin nila. Hindi makilatis ng mga huwad na lider ang mga negatibong karakter na ito at hindi nila maikategorya ang mga ito. Hindi nila makilatis kung anong landas ang tinatahak ng mga taong ito, kung ano ang diwa ng mga ito, at kung ang mga ito ba ay mga taong tumatanggap sa katotohanan. Hindi ba't isa itong problema sa kakayahan ng mga huwad na lider? Napakahina ng kakayahan ng mga huwad na lider na ito. Nagiging napakagulo ng anumang ginagawa nila, at nawawala sa ayos ang anumang gawaing inaako nila.

Ang ilang tao ay gumagastos ng mga handog nang walang prinsipyo kapag bumibili sila ng mga gamit para sa sambahayan ng Diyos, bumibili ng mga bagay-bagay nang basta-basta nang hindi humihingi ng pahintulot. Kapag nakita ito ng mga huwad na lider, sinasabi pa nila, "Kahit na gumastos sila nang medyo mas malaki, mabuti naman ang mga intensiyon nila. Kapag bumibili ng mga gamit para sa sambahayan ng Diyos, dapat ang pinakamaganda ang bilhin natin; hindi ito pag-aaksaya ng pera. Hindi ba't ganito dapat ginagamit ang mga handog?" May mga prinsipyo ba sa mga salita nila? (Wala.) Kaya, anong klaseng mga salita ang mga ito? Hindi ba't magulo ang mga salitang ito? Ang mga salitang walang prinsipyo ay magugulong salita, at ang mga salitang walang batayan ay magugulong salita rin. May ilang tao na madalas magsalita ng mga salita at doktrina sa buhay iglesia; partikular na magaling silang magsalita, at nagsasalita nang may kaayusan na parang organisado, at nagtataglay sila ng napakahusay na kasanayan sa pagsasalita. Ano ang sinasabi ng mga huwad na lider tungkol sa mga gayong tao? "Ang buhay iglesia natin ay lubos na nakasalalay kay Ganito-at-ganyan. Siya ang pinakamagaling magsalita at ang may pinakamalaking pang-unawa sa mga salita ng Diyos. Kung wala siya, magiging sobrang tigang at nakakabagot ng buhay iglesia natin." Hindi nila alam na puro salita at doktrina lang ang sinasabi ng mga taong ito. Kahit gaano pa makinig ang isang tao sa mga taong ito, wala siyang makakamit na anumang pagpapatibay, hindi niya mauunawaan ang katotohanan, o malalaman kung paano iuugnay ang katotohanan sa sarili niya para maunawaan ang sarili niyang kalagayan at malutas ang mga problema niya. Dahil sa papuri at pang-uudyok ng mga huwad na lider, ang mga taong nagsasalita ng mga salita at doktrina, ang mga taong mahilig na maging sentro ng atensiyon, at kahit ang mga taong madalas na lumihis sa paksa sa kanilang mga pananalita, naglilitanya sa bawat pagtitipon tungkol sa mga labis-labis, walang katuturan at malawak na paksa, ay pawang nabibigyan ng pagkakataon na gumanap. Hindi sila makilala ng mga huwad na lider at itinuturing pa nga silang mahuhusay na tao, pinupuri sila sa pamamagitan ng pagsasabing, "Napakagaling ninyong magsalita; bakit hindi ka magsulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan? Sayang naman!" Sa iglesia, iyong mga estudyante sa unibersidad, mga propesor, at mga intelektuwal ay itinuturing na kayamanan ng mga huwad na lider. Sinasabi nila, "Mga indibidwal na may talento ang mga intelektuwal at propesor na ito. May malawak silang karanasan at kilala sila sa lipunan. Kung magiging lider at manggagawa sila sa iglesia, mas maraming gawain ang matatapos, at higit na makikinabang at mas maraming makakamit ang

hinirang na mga tao ng Diyos. Sa hinaharap, magiging lubos na nakasalalay sa kanila ang gawain ng iglesia. Sa pangunguna ng mga intelektuwal na ito sa atin, ang pananalig natin sa Diyos ay tiyak na magdadala ng mga pagpapala." Samakatwid, sa mga iglesia kung saan may mga huwad na lider, iyong mga may katayuan sa lipunan, maraming kaalaman, magaling magsalita, iyong mga nagsasalita nang walang kabuluhan tungkol sa mga salita at doktrina, iyong mga may katanyagan, at iba pa—lahat ng taong ito na walang anumang katotohanang realidad—ang may nangingibabaw na posisyon sa iglesia at tinatrato ng mga huwad na lider bilang mga pangunahing puwersa at maging diumano'y mga haligi ng iglesia. Kapag may nangyayari sa iglesia, sinasabi ng mga huwad na lider, "Tanungin mo si Ganito-at-ganyan; CEO siya dati ng isang kompanya," o "Tanungin mo si Ganito-at-ganyan; propesor siya dati sa Ganito-at-ganyang unibersidad," o "Tanungin mo si Ganito-at-ganyan; siya ang nangungunang abogado dati sa isang law firm." Itinuturing ng mga huwad na lider ang mga taong ito bilang mga haligi at pangunahing puwersa ng iglesia. Puwede bang maging maayos ang buhay iglesia sa gayong mga sitwasyon? (Hindi.) Kaya, ano ang resulta? Ang kung tawagin ay pangunahing mga puwersa at haliging ito ay palihim o lantarang nakikipag-agawan para sa katayuan at nagpapangkat-pangkat, at madalas na nagpapakalat ng mga kuru-kuro at walang batayang mga tsismis. Ang mga kapatid sa iglesia na mga totoong mananampalataya, nagmamahal sa katotohanan, kayang tanggapin ang katotohanan, at may dalisay na pagkaarok sa katotohanan ay madalas nilang binubukod at sinusupil. Ang mga diumano'y kilalang personalidad na ito sa lipunan, sa paggawa man ng mga tungkulin nila o pag-ako ng anumang gawain, ay walang katapatan at hindi kailanman kumikilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo—ganap silang sumusunod sa mga gawi ng lipunang walang pananampalataya. Samakatwid, sa gayong iglesia, ang mga tunay na naghahangad sa katotohanan, ang mga may dalisay na pagkaarok, at ang mga may kaunting pagkatao at may pagpapahalaga sa katarungan, ay walang puwang para magsalita, walang karapatang magsalita, at tiyak na walang karapatang gumawa ng mga desisyon. Ano man ang mangyari sa iglesia, ang mga palaging nagdedesisyon sa huli ay ang grupong ito ng mga diumano'y pangunahing miyembro. Iniidolo at bulag na pinaniniwalaan ng mga huwad na lider ang mga taong ito, kaya sa huli, umaasa sila sa mga ito para sa mga solusyon tuwing may nangyayari. Kung ang mga taong ito ay naghangad sa katotohanan at kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, magiging mabuting bagay ito. Gayumpaman, karamihan sa mga taong ito ay hindi naghahangad sa katotohanan. May kaunti silang kaalaman at edukasyon, may katayuan sila sa lipunan, at bukod pa roon, may mapanlinlang at lihim na mapaminsala silang pagkatao, at magaling silang magsalita at mahusay manlihis ng ibang tao. Ito mismo ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Ano ang resulta ng pag-asa ng mga huwad na lider sa mga taong ito? Ganap nilang sinisira ang gawain ng iglesia at ang kaayusan ng buhay iglesia, at sinisira nila ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, na nagiging dahilan para tuluyang mawala ang patotoo ng iglesia. May ilang huwad na lider na umaasa

na magkaroon ng isang kilalang tao sa iglesia na nakakaunawa sa politika at mga kasalukuyang kaganapan, iniisip nila, “Kung may gayong tao na makapagpapalawak sa saklaw ng iglesia, magpapalakas ng impluwensiya nito, at magpapaganda ng reputasyon nito, magkakaroon ng pag-asa ang gawain ng pagpapalaganap sa ebanghelyo. Talagang dapat ipagdiwang iyon kapag nagkagayon!” Sa mga iglesiang kontrolado ng mga huwad na lider, sa panahon ng buhay iglesia, may ilang taong nagtatalakay nang husto tungkol sa politika, mga kasalukuyang kaganapan, pandaigdigang kalagayan, at mga pambansang usapin; pinag-uusapan nila ang mga pribadong buhay ng mga kilalang personalidad sa politika at sinusuri pa nga nila ang mga lihim na sabwatan at hayagang pakana ng mga ito sa malinaw at lohikal na paraan. Sinasabi ng mga huwad na lider na naglalaway sa inggit, “Sa wakas, may bigating tao na sa iglesia natin na makakatulong na mapanatili ang magandang imahe natin! Dati, palagi akong nadidismaya, napanghihinaan ng loob, at hindi ako makapagmalaki, dahil walang ganitong bigating tao sa iglesia natin. Pero ngayon, may gayong tao na sa iglesia natin. Kaya, dapat nating hayaan ang taong ito na gawin ang anumang gusto niya at sabihin ang anumang gusto niya, at bigyan siya ng kalayaan. Hindi ba’t itinataguyod ng sambahayan ng Diyos ang kalayaan at karapatang pantao? Hindi ba’t binibigyang-diin ng Kapanahunan ng Kaharian ang karapatang pantao?” Tinatrato ng mga huwad na lider ang mga mahilig magsalita tungkol sa politika at magkomento sa mga kilalang tao, na madalas na maglitanya tungkol sa matatayog, walang kabuluhang ideya sa gitna ng mga tao, bilang mga di-pangkaraniwang kayamanan at gusto nilang linangin ang mga ito bilang mga haligi at pangunahing puwersa ng iglesia. Kaya, madalas nilang hinihikayat at pinupuri ang mga ito, takot na makakaapekto sa gawain ng iglesia kung magiging negatibo ang mga ito. Sa madaling salita, manhid at bulag ang mga huwad na lider na ito. Hindi nila kaagad na matukoy ang iba’t ibang tao na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia. Kahit pa matukoy nila ang mga ito, hindi nila makilatis ang diwa ng masasamang tao. Ni hindi nila makilatis kahit ang halatang masasamang tao na nasa kategorya ng mga anticristo, tulad ng mga nagpapangkat-pangkat at nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian. Kapag nakikita nila ang mga anticristo na nagpapangkat-pangkat, nagpapasikat, at ginagawa ng mga ito ang anumang naisin gamit ang napakalaking kapangyarihang hawak ng mga ito, paano sinusuri ng mga huwad na lider ang mga ito? “Pambihira ang taong ito, talagang kahanga-hanga siya! Hindi ko napansin ang mahusay na taong ito dati; mas mahusay siya kaysa sa akin, talagang napapahiya ako sa kanya. Tingnan mo ang mga kakayahan niya—kaya niyang akuin ang mga bagay at bitiwan ang mga bagay, magsalita nang may dignidad, at panindigan ang salita niya. Samantalang ako, wala akong silbi; para akong isang mahiyain na batang babae.” Labis nilang hinahangaan ang mga anticristo, yumuyukod sa mga ito, at kusang-loob silang nagiging tagasunod ng mga ito. Ang isang katangian ng gayong pagpapamalas ng mga huwad na lider ay ang pagiging bulag, at ang isa pa ay ang pagiging manhid. Sa kabuuan, ang diwa ng problemang ito sa mga huwad na lider ay ang mahinang kakayahan.

May mga mata ang mga tao para makita nila ang mga bagay. Pagkatapos makita ng isang tao ang isang bagay, tutugon at huhusga ang isipan niya, at matapos niyang makabuo ng isang paghuhusga, magkakaroon siya ng pananaw at magkakamit ng landas ng pagsasagawa. Pinapatunayan nito na hindi siya bulag—anuman ang makita niya, may normal siyang reaksyon at alam niya kung paano harapin at pangasiwaan ito. Isa itong tao na may normal na pag-iisip. Ang mga tao ay may proseso ng pagtugon sa kung ano ang nakikita nila; pagninilayan at pag-iisipan nila ito sa mas mataas o mas mababang antas. Habang tumatakbo ang isipan nila, unti-unting nabubuo sa isipan nila ang larawan ng bagay na iyon, at nagkakaroon sila ng sariling mga pananaw, saloobin, at pamamaraan. Kaya, ano ang paunang kondisyon para mabuo ang mga ito? Dapat makakita ng mga bagay ang mga mata ng tao, pagkatapos ay maipadala ang nakalap na impormasyon sa utak at isipan nila para mapagnilay-nilayan. Kung nakikita ng isang tao ang mga bagay gamit ang mga mata niya, hindi siya bulag, at makakapag-isip at makakapagnilay-nilay siya, magkakaroon siya ng kamalayan, mga saloobin, at mga pananaw, at sa huli ay makakabuo siya ng mga tamang kongklusyon. Siyempre, ang pagbuo ng mga kongklusyong ito ay nangangailangan ng ilang panahon. Ano ang kahulugan ng pagkakaroon ng kamalayan, mga pananaw, at mga saloobin bago mabuo ang mga kongklusyong ito? Nangangahulugan ito na ang isipan ng isang tao ay aktibo, hindi manhid, na nagpapatunay na ang taong ito ay buhay, hindi patay. Mahina ang kakayahan ng mga huwad na lider. Sa anong mga paraan ito mahina? Wala ang dalawang katangiang ito sa mga huwad na lider. Bukas ang mga mata nila pero hindi nila nakikita na nangyayari o nagaganap ang mga bagay-bagay, na siyang pagiging bulag. Bukod dito, kapag nakikita nila ang mga bagay-bagay, walang reaksyon ang isipan nila, hindi sila nakakabuo ng mga pananaw o kaisipan, at wala silang mga paraan o tamang gawi para maghusga at sa gayon ay bumuo ng mga kongklusyon. Ito ay pagiging manhid sa espiritu. Walang nakikilala ang mga taong manhid sa espiritu, wala silang mga tamang pagsusuri o mga tumpak na paghuhusga, at sa huli, hindi sila makabuo ng mga tamang kongklusyon, at hindi nila alam kung paano harapin, pangasiwaan, o lutasin ang mga kasalukuyang usapin. Ito ay pagiging manhid at mapurol ang utak. Kapag ang isang tao ay manhid at mapurol sa espiritu niya na wala man lang siyang reaksyon kapag may nangyayari, ito ay pagiging patay—ito ang eksaktong paglalarawan sa sitwasyon. Isantabi muna natin kung ang mga huwad na lider ay talagang patay, at sabihin na lang muna natin na mahina ang kakayahan nila. Gaano ba ito kahina? Kahit gaano kahalaga ang isang pangyayari, hindi nila ito makita, at kahit makita man nila ito, hindi nila ito makilala. Halimbawa, gaano man katagal nang gumagawa ang mga huwad na lider, hindi sila makabuo ng mga kongklusyon tungkol sa kung ano ang diwa ng isang usapin, paano ito ikakategorya, paano ito ilalarawan, o ano ang batayan ng paglalarawan nito; hindi nila alam kung paano suriin ang mga bagay na ito, at wala silang mga pamantayan o prinsipyo sa pagsusuri ng mga ito. Sila ay mga taong magulo ang isip na walang espirituwal na pang-unawa. Ito ang pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider

sa unang gampanin. Sila ay bulag, hunghang, hangal, at manhid, pero gusto pa rin nilang maging lider. Hindi ba't pag-aantala ito sa mga bagay-bagay? Hindi ba't labis itong nakakagulo? Kung ang isang tao ay hindi pa kailanman nakapaglingkod bilang isang lider dati, at kung unang pagkakataon pa lang niyang nakakaharap ang isang bagay, at ang usaping ito ay hindi nabanggit sa mga salita ng Diyos at hindi pa nalaman ng mga tao—ibig sabihin, kung wala siyang karanasan o kaalaman tungkol sa usaping ito—sa mga gayong sitwasyon, mangangailangan ng ilang panahon para makabuo ng mga tamang kabatiran, saloobin, at pananaw ang taong iyon. Pero bakit sinasabing manhid at bulag ang mga huwad na lider? Ito ay dahil napakarami Ko nang sinabing salita, pero gaano Ko man ilantad at himayin ang mga bagay, o gaano man karaming halimbawa ang ibigay Ko, nalalaman lang ng mga huwad na lider ang tungkol sa mga usapin pagkatapos na marinig ang mga salita Ko, pero hindi nila nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo mula sa mga ito. Bukod pa rito, habang mas nagsasalita Ako, mas lalo silang nalilito. Sinasabi nila, "Sa dami ng mga usapin, mga salita, mga kuwento, sino ang makakaalala sa lahat ng ito at makakapag-ugnay ng mga ito sa tunay na buhay? Huwag Mong masyadong damihan ang sinasabi Mo, nahihirapan akong intindihin at unawain ang lahat ng ito. Sabihin Mo lang sa akin kung paano pangasiwaan ang taong ito: Dapat ba siyang patalsikin o panatilihin?" Hindi ba't pagiging manhid ito? Ito ay sukdulang pagkamanhid! Sa katunayan, ang pagsasabing manhid sila ay pagbibigay sa kanila ng kaunting luwag, dahil maaaring bata pa sila, o marahil ay hindi sila edukado, o baka naman matandang-matanda na sila at medyo magulo na ang isip nila—ang pagsasabi nito sa ganitong paraan ay pagsasaalang-alang sa pagpapahalaga nila sa sarili. Pero sa katunayan, ito ay mahinang kakayahan at kawalan ng abilidad na maarok ang katotohanan. Nagiging malinaw ito dahil sa paliwanag na ito.

Kung lumitaw sa iglesia ang malulubhang paggambala at panggugulo at hindi makilatis ng mga huwad na lider ang diwa ng mga problemang ito, may kakayahan ba sila para sa gawain ng pamumuno? Mapoprotektahan ba ang mga kapatid sa ilalim ng pamumuno nila? Mapoprotektahan at mapapanatili ba ang gawain ng iglesia, ang kapaligiran kung saan ginagawa ng mga kapatid ang mga tungkulin nila, at ang normal na kaayusan ng buhay iglesia? Ito ang mga pinakapangunahing bagay na dapat makamit ng mga lider at manggagawa. Makakamit ba ng mga huwad na lider ang mga bagay na ito? Hindi. Ni hindi nila matukoy o makilatis ang mga tao, pangyayari, at bagay na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, kaya paano sila makakapagpatuloy sa mga susunod na hakbang ng gawain nila? Ni hindi nila makilala ang mga pinakapangunahing bagay, tulad ng kung ano ang isang mabuting tao, ang isang masamang tao, ano ang isang mapanlinlang na tao, o ano ang isang mapagpaimbabaw na tao—paano nila mapapangasiwaan ang gawain ng iglesia? Hindi nila ito kaya. Hindi sa sinasadya nilang hindi gumawa ng tunay na gawain, o dahil na tamad sila at nagpapakasasa sa mga pakinabang ng katayuan; sadyang mahina ang kakayahan nila at wala silang kakayahang gawin ang gawain nila. Ito ang diwa ng problema. Ang mga

taong may napakahinang kakayahan ay kaya lang maglitanya ng mga salita at doktrina, at sumunod sa mga regulasyon; sa panahon ng mga pagtitipon, kaya lang nilang himukin at hikayatin ang iba, nagsasabi ng mga bagay tulad ng, “Manampalataya ka sa Diyos nang maayos! Paano mo naaatim na magpakasasa sa kaginhawaan ng laman sa ganitong panahon? Paano mo pa naaatim na mag-imbot ng pera at mga makamundong bagay? Siguradong nadudurog ang puso ng Diyos!” Kaya lang nilang magsermon nang ganito. Kapag lumilitaw ang iba’t ibang masamang gawa tulad ng mga paggambala, panggugulo, o pagbubulalas ng pagkanegatibo, hindi nila makita o matukoy ang mga ito. Gusto ng mga kapatid na mamuhay ng normal na buhay iglesia pero hindi nila magawa, at gusto nilang magkaroon ng angkop na kapaligiran para gawin ang mga tungkulin nila pero hindi nila ito kayang gawin. Hindi malutas ng mga huwad na lider ang mga problemang ito, kaya ano pa ang silbi nila? Gusto ng mga kapatid na mamuhay ng buhay iglesia, maunawaan ang katotohanan at lutasin ang mga paghihirap at negatibong kalagayan nila. Sabik silang umaasang magagawa ng mga lider at manggagawa na makipagbahaginan nang malinaw at lubusan tungkol sa katotohanan para lutasin ang mga tunay na isyung ito. Kung ang mga huwad na lider ang may hawak ng kapangyarihan sa isang iglesia, malulutas ba ang mga tunay na isyung ito? Hindi nauunawaan ng mga huwad na lider ang puso ng hinirang na mga tao ng Diyos, at hindi nila nakikita ang mga paghihirap ng mga ito. Sa halip, patuloy silang nagsasabi ng mga salita at doktrina at naglilitanya tungkol sa mga matayog, walang kabuluhang ideya, na nagdudulot ng labis na pagkadismaya sa hinirang na mga tao ng Diyos. Sino pa ang gugustuhing regular na dumalo sa mga pagtitipon? Magagawa ba ng mga huwad na lider na maging mapagsaalang-alang sa mga layunin ng Diyos, at alisin sa iglesia ang masasamang tao, mga hindi mananampalataya, mga oportunista, at mahahalay na tao na buktot at nagmamahal sa mga makamundong bagay, nang ayon sa mga salita at hinihingi ng Diyos, na pigilan ang mga ito na makialam at manggulo sa hinirang na mga tao ng Diyos, at tulutan ang hinirang na mga tao ng Diyos na mamuhay ng normal na buhay iglesia? Kaya ba itong makamit ng mga huwad na lider? Hindi. Kapag may humihiling sa kanila ng gayon, ano ang sinasabi ng mga huwad na lider? “Napakaarte mo naman! Akala mo ba ikaw lang ang nagmamahal sa Diyos at nais maging tapat sa pagtupad ng tungkulin? Sino ba ang ayaw niyon? Nananampalataya rin sila sa Diyos at hinirang din sila ng Diyos. Bagama’t may kaunti silang problema, dapat natin silang tratuhin nang tama. Huwag laging maghanap ng mali sa iba. Gamitin mo ang pagkakataon para mas pagnilayan at kilalanin ang sarili mo; dapat kang matutong maging mapagparaya at mapagpasensiya.” Ang mga huwad na lider ay magulo ang isip at bulag, at wala silang mga prinsipyo sa kung paano nila tinatrato ang iba’t ibang klase ng tao. Hindi nila makilatis ang mga dapat limitahan o paalisin, sa halip ay hinahayaan nila ang mga taong ito na gumawa ng anumang gusto ng mga ito at kumilos na parang mga tirano sa iglesia, binibigyan ang mga ito ng malaking puwang para makakilos, na nakakagulo sa iglesia, hanggang sa puntong ang antas ng pagkakaiba-iba sa ilang iglesia ay mailalarawan na sa iisang

parirala: Talagang halo-halo na sila. Halo-halo sa mga iglesiang ito ang masasamang tao, mga hindi mananampalataya, mahahalay, mga lokal na tirano, at maging ang ilan na ipagkakanulo ang iglesia at mga kapatid kapag naharap maging sa napakaliit na panganib. Hindi makilatis ng mga huwad na lider ang mga taong ito, at hindi nila pinapangasiwaan o hinaharap ang mga ito. Samakatwid, sa ilalim ng pamumuno ng mga gayong bulag at manhid na huwad na lider, hindi napoprotektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos, at tiyak na hindi napapanatili ang gawain ng iglesia at ang normal na kaayusan ng buhay iglesia. Para sa mga nagmamahal sa katotohanan at handang tanggapin ang katotohanan, paano nila mauunawaan at makakamit ang katotohanan sa gayong halo-halong buhay iglesia? Hindi ba't masasaktan ang puso ng mga taong iyon? Kung hindi kayang maayos na pangalagaan ng isang lider ang gawain ng iglesia, ang normal na kaayusan ng buhay iglesia, o ang mga kapaligiran para magawa ng mga kapatid ang mga tungkulin nila, o tiyakin ang seguridad ng mga bagay na ito, walang dudang huwad na lider nga ang lider na ito. Bakit siya tinatawag na huwad na lider? Dahil bulag at manhid siya, na humahantong sa paulit-ulit na paglitaw ng paggambala at panggugulo ng masasamang tao sa gawain ng iglesia; higit pa rito, kahit may mga kahihinatnan na ito, hindi pa rin nila kayang pangasiwaan at lutasin ang mga isyu nang agaran at tumpak, ni hindi nila mapangalagaan nang wasto ang gawain ng iglesia at ang buhay iglesia ng mga kapatid. Sa banayad na pananalita, walang kakayahan ang mga gayong lider sa mga tungkulin nila; sa tumpak na pananalita, lubha silang nabibigo sa mga responsabilidad nila. Bagama't naglilingkod sila bilang mga lider, pinoprotektahan nila ang mga interes ng masasamang tao at ng mga alipin ni Satanas, habang ipinagsasawalang-bahala ang gawain ng iglesia at ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ipinagtatanggol at hinahayaan nila ang masasamang taong iyon na nanggagambala at nanggugulo sa buhay iglesia, napipinsala ang mga kapatid bilang kapalit. Bagama't, batay sa kakayahan at mga pagpapamalas nila, mahina lang ang kakayahan nila at wala silang kakayahan sa gawain nila, at hindi mailalarawan bilang mga anticristo, malubha ang mga kahihinatnan ng mga kilos nila sa gawain ng iglesia. Ang kalikasan ng mga kilos nila ay katulad ng sa mga anticristong nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian at nang-aapi ng mga kapatid. Kapwa pinoprotektahan at hinahayaan ng mga ito ang masasamang tao, at hinahayaan ng mga ito ang mga alipin ni Satanas na gumagawa ng anumang gusto nila sa iglesia. Sadya lang na ang mga huwad na lider ay hindi lantaran at walang pakundangang gumagawa ng kasamaan at nanggugulo sa gawain ng iglesia gaya ng ginagawa ng mga anticristo. Hindi nila sinasadyang kuhain ang loob ng mga tao at pasunurin ang mga ito, pero ang nagiging resulta ay pareho sa mga anticristong nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian. Parehong nauuwi ang mga ito sa pagkapinsala at pagkasira ng mga kapatid na nagmamahal sa katotohanan at sinserong gumagampan sa mga tungkulin nila, at nawawalan sila ng paraan para mamuhay. Sa gayong kapaligiran at buhay iglesia, napakahirap para sa mga kapatid na sinserong gumagawa ng mga tungkulin nila na makausad sa buhay nila, at

napakahirap para sa kanila na gawin nang normal ang mga tungkulin nila. Natural, ang gawain ng pagpapalaganap sa ebanghelyo at iba't ibang aytem ng gawain sa iglesia ay labis ding nahahadlangan at hindi magawang normal na umunlad. Ito ang unang pagpapamalas ng mga huwad na lider na hinihimay natin kaugnay ng ikalabindalawang responsabilidad—ang hindi magawang mapansin at hindi magawang kilatisin ang mga tao, pangyayari, at bagay na lumilitaw sa paligid nila. Ang pagpapamalas na ito ay sapat na para mailarawan ang mga gayong tao bilang mga huwad na lider.

II. Hindi Pinapangasiwaan ng mga Huwad na Lider ang mga Taong Nanggagambala at Nanggugulo sa Gawain ng Iglesia Nang Ayon sa mga Prinsipyo

Tungkol sa ikalawang gampaning nakabalangkas sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ilalantad at hihimayin natin ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider. Ang ikalawang gampanin ay na dapat gamitin ng mga lider at manggagawa ang mga katotohanang prinsipyo para agad na malutas ang mga isyu kapag natukoy na ang mga ito. Gayumpaman, wala ring kakayahan ang mga huwad na lider sa gampaning ito. Samakatwid, ang ikalawang pagpapamalas ng mga huwad na lider na hihimayin natin ay na hindi nila alam ang mga prinsipyo sa pangangasiwa sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng buhay iglesia. Kapag nakikilahok sa buhay iglesia ang mga huwad na lider, kinakain at iniinom nila ang mga salita ng Diyos at dinarasal-binabasa nila ang mga salita ng Diyos, pero hindi nila kailanman nauunawaan ang kahulugan ng mga salita ng Diyos, hindi nila kailanman naaarok ang mga prinsipyo ng lahat ng sinasabi ng Diyos, at hindi nila alam ang mga prinsipyo at pamantayang hinihingi ng Diyos sa iba't ibang usapin. Lalo nitong pinatutunayan na ang mga huwad na lider ay walang abilidad na maarok ang katotohanan at na napakahina ng kakayahan nila. Sinasabi ng ilang tao, "Paano Mo nasasabing mahina ang kakayahan nila? Magaling silang magluto, magarang manamit, at kaaya-ayang magsalita kapag nakikisalamuha sa iba; gusto silang pakinggan ng lahat." Maipapakita ba ng panlabas na anyo ng isang tao ang diwa niya? Ang kakayahan ba nilang magawa nang mahusay ang ilang panlabas na bagay ay nangangahulugang mahusay ang kakayahan nila? Para suriin, sukatin, at ilarawan ang anumang bagay, palaging kailangan ng tumpak na pamantayan. Para masukat ang kakayahan ng isang tao, ang pamantayan ay kung dalisay ang pagkaarok niya sa mga salita ng Diyos. Ang pagsasabing mahina ang kakayahan ng mga taong ito ay pangunahing tumutukoy sa kawalan nila ng abilidad na maarok ang katotohanan. Sinusukat natin ang kakayahan ng isang tao batay sa abilidad niyang maarok ang mga salita ng Diyos. Hindi ba't napakaobhetibo at napakapatas nito? (Oo.) Bilang isang nilikha, kung hindi mo maunawaan ang mga salita ng Lumikha, anong kakayahan ang mayroon ka? Gumagana ba ang utak mo? Ang gayong tao ay walang kakayahan ng tao; napakahina ng kakayahan niya hanggang sa puntong hindi man lang niya

maunawaan ang mga salita ng Diyos—makakamit ba ng gayong tao ang katotohanan bilang isang mananampalataya sa Diyos?

Ngayon, pagbabahaginan at hihimayin natin ang ikalawang pagpapamalas ng mga huwad na lider. Hindi alam ng mga huwad na lider kung paano pangasiwaan ang mga taong nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia at hindi nila kayang makilatis ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay. Sapat na ito para ipakita na ang mga huwad na lider ay may mahinang kakayahan, walang abilidad na maarok ang katotohanan, at walang kakayahan na maarok ang mga salita ng Diyos. Halimbawa, may isang tao na palaging tutol sa kung sinuman ang lider. Napapansin din ng mga huwad na lider na may problema ang taong ito at nadarama nila na tila isa itong masamang tao at anticristo. Nakakakita sila ng ilang pahiwatig tungkol sa mga bagay-bagay, na hindi na rin masyadong masama. Pero kung tatanungin mo sila, "Bakit mo nasabing tila isa siyang anticristo at masamang tao? May mga partikular bang pagpapamalas bilang ebidensiya? Matutukoy mo ba na isa siyang anticristo at masamang tao dahil lang sa palagi siyang tutol sa kung sinuman ang lider? Hindi iyon sapat para ilarawan siya sa ganitong paraan; usapin lang ito ng disposisyon, isang problema ng kayabangan at pag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba. May kalikasan ba siya ng isang anticristo? Isa ba siyang tao na tutol sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan? Ginulo ba niya ang gawain ng iglesia? Kinondena ba niya ang lahat ng lider at manggagawa bilang mga huwad na lider at anticristo? Ginawa ba niya ang alinman sa mga ito?" tumutugon sila, "Parang oo." Kung tatanungin mo pa, "Paano natin siya dapat ilarawan at harapin kung gayon?" sasabihin nila na hindi nila alam. Kung itatanong mo, "Para sa ganitong klase ng tao, dapat ba natin siyang bigyan ng mga babala, at ilantad siya para matulungan ang mga kapatid na magkamit ng pagkilatis?" hindi pa rin nila alam. Isa itong halimbawa ng pagiging walang kaalam-alam at kawalan ng kakayahang makilala ang anumang bagay. Kaya nilang mapansin ang ilang pahiwatig pero hindi nila alam kung paano ilarawan o pangasiwaan ang mga gayong tao nang ayon sa mga prinsipyo. Kaya ba nilang lutasin ang mga tunay na problema? Kaya ba nilang tulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos na matuto ng mga aral? Dahil masasamang tao at mga anticristo ang mga gayong indibidwal, mapapatalsik sila sa malao't madali. Gayumpaman, kung paaalisin o ihihiwalay mo sila bago pa man sila gumawa ng masasamang gawa, magpapahayag sila ng pagtutol, at hindi mauunawaan ng mga kapatid kung bakit mo ginawa iyon. Samakatwid, kailangang hayaan silang gumanap sa loob ng ilang panahon. Kapag mas nahahalata na ang masasamang gawa nila, at nagsisimula na silang magpakalat ng mga panlilinlang at walang batayang mga tsismis, nanlilihis at sinusubukan nilang makuha ang loob ng mga kapatid, nakikipag-agawan sa kapangyarihan at impluwensiya, nagtatatag ng isang nagsasariling kaharian, at sinusubukang sirain ang gawain ng iglesia, malinaw na matutukoy ng karamihan ng tao ang kalikasang diwa nila, at natural na magagawa nilang manindigan para ilantad, kilatisin, at tanggihan ang mga ito. Pagkatapos, maaari mo na silang paalisin at pangasiwaan ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang ganitong

paggawa lang ang makakatulong sa mga kapatid na magkaroon ng pagkilatis. Kaya ba ng mga huwad na lider na pangasiwaan at lutasin ang mga problema sa ganitong paraan? Walang ganitong kakayahan at karunungan ang mga huwad na lider. May nakikita ba kayong sinumang huwad na lider na agad na napapangasiwaan ang masasamang tao at mga anticristo? Wala kahit isa. Samakatwid, tiyak na hindi poprotektahan ng mga huwad na lider ang mga kapatid mula sa mga panggugulo ng masasamang tao at sa panlilihis ng mga anticristo. Bukod sa nabibigo ang karamihan ng huwad na lider na kilalanin ang sarili nila matapos silang matanggal, nagrereklamo rin sila nang husto, naghihimutok na hindi patas sa kanila ang sambahayan ng Diyos, sinasabi nila na ito ay katulad ng "pagpatay sa asno pagkatapos ibaba ang gilingan," sinasabi nila na nagsikap sila pero hindi sila pinahalagahan at na inagrabyado sila. Kung ilalantad mo sila bilang mga huwad na lider, nananatili silang tutol, iniisip nila: "Naglingkod ako bilang lider sa loob ng ilang taon; kahit wala akong mga nakamit, nagtiis naman ako ng hirap kahit papaano. Bakit ako tinanggal? Ito ay parang pagpatay sa asno pagkatapos ibaba ang gilingan!" Kahit paano mo sila ilantad, nananatili silang tutol. Sinasabi pa nila, "Sa tuwing nakakatuklas ako ng isang anticristo, labis akong nababalisa na madalas akong nagkakaroon ng singaw sa bibig at hindi ako makatulog nang maayos. Paano ako magkakaroon ng gayong pasanin kung isa akong huwad na lider?" Wala silang ginawa sa anuman sa mga kinakailangang gawain, wala silang kakayahang gawin ang anuman sa mga ito, at ni hindi nila alam kung ano ang gagawin, pero nagagawa pa rin nilang hangaan ang sarili nila. Hindi ba't nakakayamot ito? Napakakasuklam-suklam niyon!

Tungkol sa iba't ibang problemang lumilitaw sa iglesia, malinaw na alam ng mga huwad na lider na ang mga ito ay may kalikasan ng paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia, pero binabalewala nila ang mga ito. Kapag nakakakita sila ng malinaw na mga problema, iniraraos lang nila ang mga bagay-bagay at hindi sila naglalakas-loob na ilantad ang kritikal na diwa ng mga isyu. Gumagawa lang sila ng mga pahiwatig at nagbibigay ng mga panghihikayat sa pamamagitan ng pangangaral ng doktrina nang hindi makabuluhang tinutugunan ang mga isyu, at iyon na iyon. Kapag nahaharap sa masasamang tao at mga anticristo, hindi nila alam ang gagawin, nagpapakita ng saloobin ng kawalang pakialam na para bang wala itong kinalaman sa kanila. Hindi nila alam ang pinakaangkop na paraan para tratuhin ang mga isyung ito, hindi nila alam kung ano ang sasabihin para lutasin ang mga problema, hindi nila alam kung paano protektahan ang mga kapatid, at wala silang anumang pasanin. Ang mayroon lang sila ay kaunting mabuting kalooban: "Alam ko na isa kang masamang tao. Hindi ko hahayaang guluhin at pinsalain mo ang mga kapatid. Habang ako ay nasa posisyong ito, dapat kong protektahan ang mga kapatid at tuparin ang responsabilidad ko hanggang sa huli." Ano ang silbi nito? Nalutas mo ba ang problema? Habang abala ka sa pagiging balisa, mananatili bang walang ginagawa ang mga anticristo? Titigil ba sila sa panggugulo sa gawain ng iglesia? Kapag nakita nila na isa kang walang silbi at duwag na lider, isang taong walang kuwenta na walang karunungan at tiyak na walang kapabilidad sa gawain,

hindi ka talaga nila seseryosohin. Labis na tuso at mapaminsala ang karamihan sa mga anticristo at masamang tao. Nililihis at ginugulo nila ang mga kapatid, at wala kang magawa para pigilan o limitahan sila. Hindi mo rin alam kung kanino hihingi ng tulong para lutasin ang mga isyu; nababalisa ka lang at hindi mapakali, at umiiyak habang nagdarasal. Labis kang kaawa-awang tingnan; parang labis mong isinasaalang-alang ang mga layunin ng Diyos at labis kang nagmamalasakit sa mga kapatid. Pero kahit ang mga halatang masamang tao tulad ng mga anticristo, hindi mo sila mapangasiwaan. Hindi mo mahimay ang mga kilos at asal ng mga anticristo nang ayon sa katotohanan, ni hindi mo kayang ilantad sa publiko ang mga intensiyon, motibo, at asal ng mga anticristo para matulungan ang mga kapatid na magkaroon ng pagkilatis. Hindi mo magawa ang alinman sa mga bagay na ito. Sinasabi pa ng ilang huwad na lider, “Walang dapat maglantad sa mga anticristo. Kung malalaman ng mga kapatid na mga anticristo ang mga ito at iiwasan ang mga ito, maghihiganti ang mga anticristo.” Hindi ba’t ito ay pagiging walang silbing duwag? Kaya ba ng mga gayong tao na pangasiwaan ang gawain ng iglesia? Kaya ba nilang protektahan ang mga kapatid para makapamuhay ang mga ito ng normal na buhay iglesia? Anong uri ng pamamaraan ng paglutas ng problema ito? Kapag walang nangyayari, kaya nilang mangaral ng mga doktrina nang walang katapusan, pero kapag may nangyayari, nalilito at naguguluhan sila, naiiyak na lang. Hindi ba’t sila ay mga walang silbing duwag? Habang nakikita nila ang mga kapatid na inililihis ng mga anticristo at nagugulo ng masasamang tao, nalilito sila, wala silang magawa. Ni hindi nila alam kung paano gawin ang pinakapangunahing bagay na makipagkaisa sa mga kapatid sa iglesia na medyo may pagpapahalaga sa katarungan, nagtataglay ng pagkatao, at kayang tanggapin ang katotohanan para sama-samang pagbahaginan, gamitin ang mga salita ng Diyos para lutasin ang mga problemang ito, at ilantad at kilatisin ang mga anticristo. Hindi ba’t basura ang gayong tao? (Oo.) Ang ilang huwad na lider ay sobrang maingat, duwag, at walang silbi. Gaano sila kaduwag at kawalang silbi? Kapag lumilitaw ang masasamang tao para manggambala at manggulo sa gawain ng iglesia, nagsasalita nang napakalupit at napakayabang, sa sobrang takot nila ay nanginginig sila, iniisip nila, “Hindi ako maglalakas loob na pangasiwaan sila. Mapanganib sila; masasamang tao sila sa mundo. Kung ilalantad ko sila para protektahan ang mga kapatid, tiyak na may mahahanap sila laban sa akin at gaganti sila. Kapag nagkagayon, paano pa ako makakapagpatuloy bilang isang lider? Alam nila kung saan ako nakatira. Sasaktan kaya nila ang pamilya ko? Isusumbong kaya nila na nananampalataya ako sa Diyos?” Ang mga gayong huwad na lider ay hindi kayang gumawa ng gawain ng iglesia. Hindi sila makakilos sa sobra nilang takot; natural, imposibleng maunawaan nila ang mga prinsipyo sa pangangasiwa ng mga gayong isyu at mga tao. Ang sinumang inilarawan bilang tagagambala at tagagulo sa gawain ng iglesia ay hindi isang taong paminsan-minsan lang nagkakamali. Sa halip, ang pagkatao niya ay napakasama na palagi siyang gumagawa ng mga walang pakundangang masamang gawain at ng napakaraming kasamaan. Walang duda na may diwa ng

masasamang tao ang mga gayong indibidwal. Ang pangangasiwa sa masasamang tao ay nangangailangan din ng ilang matalinong pamamaraan. Kailangan mong isaalang-alang ang pinagmulan at kapaligiran at kung ano ang maaaring gawin ng masasamang tao matapos silang pangasiwaan, at kung magdadala ba ito ng problema sa iglesia. Sa pamamagitan ng maingat na pagsasaalang-alang sa mga aspektong ito, saka mo lang mapapangasiwaan nang maayos ang usapin, sa isang paraan na umaayon sa mga katotohanang prinsipyo at gumagamit ng karunungan. Hindi namamalayan ng mga nakakaunawa sa katotohanan na naaarok nila ang mga prinsipyo habang pinapangasiwaan nila ang mga gayong isyu. Habang ginagawa nila ang gawaing ito, unti-unti nilang mauunawaan kung paano tratuhin ang iba't ibang tao, makabuo ng mga gawi at pamamaraan, at magkaroon ng karunungan sa puso nila. Pero ang mga huwad na lider ay ganap na walang mga ganitong gawi, pamamaraan, at karunungan. Ito ay dahil wala silang pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos; hindi nila isinasaalang-alang kung maaapektuhan ba ang gawain ng sambahayan ng Diyos o kung mahaharap ba sa panganib ang mga lider at manggagawa. Dahil hindi nila isinasaalang-alang ang mga bagay na ito, pinapangasiwaan nila ang mga usapin nang walang prinsipyo at, ang mas malala pa, nang walang karunungan. Hindi kayang pangasiwaan ng mga huwad na lider ang mga problemang ito at hindi sila natututo ng mga aral mula sa mga ito, na nagpapatunay na ayaw nilang matuto, na wala silang kakayahan, na pinapabayaan nila ang mga gampanin na marapat gawin, at hindi sila makagawa ng anumang gawain. Kapag nakikita nila ang masasamang tao at mga anticristo na gumagawa ng kasamaan at nagdudulot ng mga kaguluhan, hindi nila inilalantad ang mga taong ito ni nilulutas ang mga isyu. Isinasaalang-alang lang nila na protektahan ang sarili nilang mga interes, nang walang anumang pakialam sa gawain ng iglesia o sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Inaapi ng ilang huwad na lider ang mahihina habang natatakot sa mga mas makapangyarihan sa kanila; walang tigil nilang inaapi ang mga medyo mahinhin at ipinangangalandakan ang kapangyarihan nila sa mga ito, pero kapag nahaharap sila sa masasamang tao at mga anticristo, panay ang ngiti at pambobola nila. Magugustuhan ba ng Diyos ang mga gayong huwad na lider at huwad na manggagawang walang mga prinsipyo? Hinding-hindi. Maaari bang linangin ng sambahayan ng Diyos ang mga taong nang-aapi ng mahihina at natatakot sa malalakas, at walang pagpapahalaga sa katarungan, para gawing mga lider at manggagawa? Hinding-hindi! Ang mga taong ito ay pawang hindi mananampalataya at walang pananampalataya na walang konsensiya o katwiran at hindi talaga tumatanggap sa katotohanan, at ayaw sa kanila ng sambahayan ng Diyos.

Kapag nagkakaroon ng mga problema sa gawain ng isang huwad na lider, ang tugon niya ay palaging umiwas sa responsabilidad. Ang pinakakaraniwang kasabihan niya ay "Nagbahagi na ako sa kanila." Ang ipinapahiwatig dito ay "Nasabi ko na ang lahat ng kailangan kong sabihin, kaya responsabilidad na nila kapag may nangyaring mali. Wala akong kinalaman doon." Ito ang dahilan kaya ang pangungusap na "Nagbahagi na ako

sa kanila" ay isang talisman at salawikain para sa mga huwad na lider. Kapag nakakakita ang isang huwad na lider ng isang anticristo na sumusunod sa sarili niyang batas, kumikilos nang walang pakundangan, at nagsasanhi ng kaguluhan sa iglesia, ginagamit din niya ang pamamaraan ng pagbabahagi at pagtulong. Matapos magsabi ng ilang salita ng panghihikayat at babala, ipinagpapalagay niya na magiging masunurin at mapagpasakop ang anticristo, at hindi na manlilihis ng mga tao o manggugulo sa buhay iglesia. Hindi ba't isang hangal na palagay ito? Ang paggamit ng ganoong kahangal na paraan para limitahan ang mga panggugulo ng mga anticristo ay ang paraan kung paano gumagawa ang isang huwad na lider, at tunay na lubos na kahangalan iyon! Walang ginagawa ang isang huwad na lider kundi pikit-matang nagpapakaabala sa gawain. Nagpapakaabala lang siya sa mga pangkalahatang usapin habang hindi niya nagagawang gumampan ng pangunahing gawain. Hindi niya dinidiligan ang mga may kakayahang tanggapin ang katotohanan, hindi niya pinaghihigpitan ang mga nanggagambala at nanggugulo, at hindi niya pinaaalis iyong mga walang ingat na gumagawa ng masasamang gawa at tumatangging magbago sa kabila ng paulit-ulit na mga paalala. Lalong hindi niya binibigyang-pansin kung paano gumagawa ng kasamaan at nagdudulot ng mga kaguluhan ang mga anticristo. Hindi niya inilalantad ni kinikilatis ang mga ito, at hindi rin niya pinapaalis o pinapatalsik ang mga ito, hinahayaan niya ang mga anticristo na gumawa ng kasamaan at guluhin ang gawain ng iglesia. Wala siyang pakialam at iniisip niyang walang kinalaman sa kanya ang masasamang gawa ng mga anticristo. Ang mga huwad na lider, sa kanilang gawain, ay nagagawa lang na iraos ang mga bagay-bagay; gumagawa sila ng kaunting gawain ng pangkalahatang usapin at iniisip na gumawa na sila ng aktuwal na gawain at pasok sila sa pamantayan bilang mga lider at manggagawa. Sinuman ang nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, mabilis lang silang nagbabanggit ng kaunting doktrina sa mga tao, nagbibigay ng kaunting panghihikayat at paalala, at iniisip nilang nalutas na ang problema. Nagpapakaabala sila sa buong araw, inaasikaso nila kapwa ang maliliit at malalaking usapin, at iniisip nilang mahusay ang paggawa nila. Nagmamalaki pa nga sila, sinasabi nila, "Tingnan ninyo ang iglesia namin. Ang lahat ng tao ay nagagamit sa maayos na paraan: Ang mga kayang mangaral ng ebanghelyo ay nangangaral ng ebanghelyo, ang mga kayang gumawa ng mga video ay gumagawa ng mga video, ang mga marunong umawit ay nagre-rekord ng mga himno—maunlad ang buhay iglesia namin!" Gayumpaman, hinding-hindi nila nakikita ang maraming nakatagong problema sa iglesia. Hindi sila nangangahas na pangasiwaan ang masasamang tao at mga hindi mananampalatayang iyon na palaging nanggagambala at nanggugulo sa buhay iglesia, kaya binabalewala nila ang mga ito. Nagbubulag-bulagan sila sa mga anticristo na kumikilos ayon sa mga sariling paraan ng mga ito, ang bawat isa sa mga ito ay sinusubukang kuhain ang loob ng mga tao at bumuo ng sariling maliliit na grupo. Hindi nila kayang sagutin ang maraming tanong ng mga bagong mananampalataya na nagugutom at nauuhaw sa pagiging matuwid. Sa halip na humanap ng mga paraan para lutasin ang mga aktuwal na problemang ito,

palaging sinusubukan ng mga huwad na lider na iwasan ang mga ito, habang sinasabi pa rin na “maunlad ang buhay iglesia.” Hindi ba’t pagpapanggap at panlilinlang ito? Iniiwan ng mga huwad na lider ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristong ito sa iglesia nang hindi pinapaalis o pinapangasiwaan ang mga ito, hinahayaan ang mga ito na walang ingat na gumawa ng masasamang gawa at guluhin nang husto ang buhay iglesia, habang nagkukunwaring hindi nila ito nakikita. Sobrang bulag ang mga gayong huwad na lider! Pinoprotektahan nila ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo, at ipinagmamalaki pa nila ito, iniisip na ang hindi pag-aalis sa mga bulok na tao na ito ay pagiging mapagmahal at pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ba’t paggambala at panggugulo ito sa gawain ng iglesia? Hindi ba’t sadya itong paglaban sa Diyos at pagsalungat sa Kanya? Pero ganap na walang kamalayan ang mga huwad na lider tungkol dito. Kung tatanungin mo sila kung nalutas na ba ang mga aktuwal na problemang ito, sasabihin nila, “Napungusan ko na sila; nagbahagi na ako sa kanila,” ipinapahiwatig na nalutas na ang mga problema at wala na silang kinalaman sa mga ito. Hindi ba’t pag-iwas ito sa responsabilidad? Para sa isang huwad na lider, sa tuwing may sinumang gumagawa ng anumang masamang asal, hangga’t pabasta-basta niyang pinupungusan ang salarin at nag-aalok sa mga ito ng ilang paalala at panghihikayat, tapos na ang gawain niya, at para bang nalutas na niya ang problema. Hindi ba’t pakikilahok ito sa panlilinlang? Malinaw na nabibigo ang mga huwad na lider na paalisin kaagad ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo, at nagbibitaw sila ng mga mapanlinlang na palusot, sinasabi nila, “Nagbahagi ako sa kanila tungkol sa salita ng Diyos, kinilala nilang lahat ang ginawa nila at nakadama sila ng pagsisisi, at umiyak silang lahat at nagsabing talagang magsisisi sila at hindi na tatangkaing magtatag ng nagsasarili nilang kaharian.” Hindi ba’t nililinlang lang ng mga huwad na lider na ito ang kanilang sarili, tulad ng mga bata na nagbabahay-bahayan? Ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristong ito ay pawang mga taong tutol sa katotohanan. Walang sinuman sa kanila ang talagang tumatanggap sa katotohanan, at hindi sila ang mga pakay ng pagliligtas ng Diyos; sa halip, sila ang mga pakay ng pagkasuklam at pagkamuhi ng Diyos. Pero tinatrato ng mga huwad na lider ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao at mga anticristong ito bilang mga kapatid, at mapagmahal na tinutulungan ang mga ito. Ano ang kalikasan ng problema rito? Kahangalan at kamangmangan ba ang pumipigil sa kanila na makita nang malinaw ang mga taong ito, o sinusubukan ba nilang mapalugod ang mga ito dahil sa takot nilang mapasama ang loob ng mga ito? Anuman ang dahilan, ang pinakamahalaga ay na hindi gumagawa ng aktuwal na gawain ang mga huwad na lider, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan o inaamin ang mga pagkakamali nila kapag pinupungusan sila. Sapat na ito para ipakita na talagang walang katotohanang realidad ang mga huwad na lider. Hindi sila gumagawa ayon sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at lalo na pagdating sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia, kumikilos sila nang pabasta-basta. Iniraraos lang nila ang mga bagay-bagay sa

pamamagitan ng pag-aalis ng ilang malinaw na masamang tao. Kapag nalalantad at napupungusan, naghahanap pa sila ng iba't ibang dahilan at palusot para maiwasan ang responsabilidad at maipagtanggol ang kanilang sarili. Samakatwid, ang isang huwad na lider na hindi gumagawa ng aktuwal na gawain ay isang balakid na humahadlang sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos. Pinapangasiwaan lang ng mga huwad na lider ang kaunting mababaw, pangkalahatang usapin na gawain, na walang anumang halaga. Hindi nila nilulutas kailanman ang iba't ibang problemang lumilitaw sa iglesia; basta iniiwasan lang nila ang mga iyon. Bukod sa inaantala nito ang normal na pag-usad ng gawain ng iglesia, nakakaapekto rin ito sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang malinaw, ginagambala at ginugulo ng mga huwad na lider ang gawain ng iglesia at kumikilos sila bilang proteksiyon ng mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo. Sa kritikal na sandali ng espirituwal na pakikibaka, pumapanig sila sa masasamang tao at mga anticristo para labanan at linlangin ang Diyos. Hindi ba't pagpapamalas ito ng pagkakanulo sa Diyos? Batay sa mga pananaw at asal ng mga huwad na lider, malinaw na sadyang hindi sila mga taong naghahangad sa katotohanan, hindi talaga nila nauunawaan ang katotohanan, at ganap na hindi nila kayang gawin ang gawain ng pamumuno.

Hindi tinatrato ng mga huwad na lider ang mga tao batay sa mga salita ng Diyos kundi ayon sa sarili nilang kagustuhan. Kumikilos sila nang walang anumang prinsipyo, ginagawa ang anumang gusto nila. Kapag nakikita nilang ginugulo ng mga anticristo ang iglesia, hindi sila namumuhi sa mga ito. Naniniwala sila na sa pamamagitan ng pagbabasa ng ilang salita ng Diyos sa mga anticristo, malilimitahan ang paggambala at panggugulo ng mga ito. Anong klaseng mga tao ang mga anticristo? Mga diyablo sila, mga Satanas sila! Kahit ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos, hindi talaga tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan at kaya nilang gambalain at guluhin ang gawain ng iglesia at guluhin ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Sila ang mga diyablo at Satanas sa tunay na buhay. Umaasa ang mga huwad na lider na mahihimok nila ang mga anticristo na magsisi at magbago ng isip sa pamamagitan ng pagbabasa ng ilang sipi ng mga salita ng Diyos sa mga ito. Hindi ba't malaking kahangalan ito? Ang mga taong katulad ng mga anticristo ay hinding-hindi tumatanggap sa katotohanan. Kahit gaano karaming masamang gawa ang gawin nila, hindi nila pagninilayan o kikilalanin ang sarili nila, at kahit gaano karaming pagkakamali ang magawa nila, hindi nila aaminin ang mga pagkukulang nila. Mga buhong sila na nakatadhanang mapunta sa impiyerno, pero iniisip mo na ang pagbabasa ng ilang sipi ng salita ng Diyos at pagbibigay ng ilang panghihikayat ay makakapagpabago sa kanila—hindi ba't pag-iilusyon ito? Kung napakadali para sa tiwaling sangkatauhan na tanggapin ang katotohanan, hindi na kakailanganing gampanan ng Diyos ang gawain ng paghatol at pagkastigo. Bakit nagsasalita ang Diyos ng napakaraming salita at nagpapahayag ng napakaraming katotohanan sa Kanyang gawain? Dahil ang pagliligtas sa mga tao ay hindi madali, dahil masyadong marami ang paghihirap ng mga tao at masyadong matindi ang paghihimagsik

nila! Ang mga tumatanggap lang sa katotohanan ang maliligtas. Ang mga tutol at namumuhi sa katotohanan ay hindi maliligtas. Gayumpaman, naniniwala ang mga huwad na lider na kung magsasabi sila ng ilang malupit na salita sa mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo, magsisisi ang mga indibidwal na ito at makikilala ang sarili ng mga ito, at na kung sasabihan nila ito ng mga salita ng panghihikayat at pangpagaan ng loob, magsisisi ang mga ito, at kapag nagkagayon ay magiging determinado ang mga ito na gawin ang mga tungkulin ng mga ito, na maging tapat, at sumailalim sa pagbabago sa disposisyon, na magiging mga masunuring tupa ang mga anticristo. Hindi ba't hangal na ideya ito? Napakalaking kahangalan nito! Katulad ito ng walang katuturang salita ng isang baliw—paanong magiging ganoon kasimple ang mga bagay-bagay! Mahigit tatlumpung taon nang ginagampanan ng Diyos ang gawain ng paghatol, at gaano kalaking pagkakilala sa sarili at pagbabago ang nakamit na ng mga tao? Ilang tao pa lang ang nagkamit ng ilang resulta. Ang mga hindi nagmamahal sa katotohanan, gaano man karaming sermon ang kanilang pinapakinggan, sa pinakamainam, ay nakakaunawa lang ng ilang doktrina. Talagang hindi nagbago ang buhay disposisyon nila, at maging ang mabubuting ugali at mabubuting gawa ay bihirang makita sa kanila. Anong klaseng mga tao ang mga ito? Sila ay mga taong nakikinabang hangga't nais nila—hinding-hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Nakatuon lang sila sa pagtatamasa ng biyaya ng Diyos at naghahangad lang sila ng mga pagpapala; sila ay walang iba kundi mga nakabihis na hayop! Labis na tiniwali ni Satanas ang mga tao; puno sila ng mga tiwaling disposisyon, at punong-puno ng mga lason ni Satanas ang mga buto at dugo nila. Kung hindi nila matatanggap ang katotohanan, o ang paghatol at pagkastigo ng Diyos, paano sila tunay na makapagpapasakop sa Diyos? Paano nila magagawa nang tapat ang mga tungkulin nila? Paano sila magkakaroon ng takot sa Diyos at makakaiwas sa kasamaan? Ang pagkamit ba ng kaligtasan ay maaaring maging kasingsimple na gaya ng iniisip ng mga tao? Ginawang tiwali ni Satanas ang mga tao sa loob ng libo-libong taon, hanggang sa puntong naging mga diyablo na sila. Ngayon ay pumarito na ang Diyos para iligtas sila, at gaano man karaming salita ang sinasabi Niya, isang napakahirap na gampanin ang gawing mga tunay na tao ang mga taong naging diyablo na. Bukod sa kailangang magpahayag ng Diyos ng maraming katotohanan, kailangan ding gawin ng mga tao ang pinakamakakaya nila para makipagtulungan sa pamamagitan ng paghahangad, pagtanggap, at pagsasagawa sa katotohanan—saka lang sila makakalaya sa impluwensiya ni Satanas at makakamit ang pagliligtas ng Diyos. Minsang sinabi ng Diyos, "Marami ang tinawag, datapuwa't kakaunti ang nahirang." Bagama't maraming tao ang nananampalataya sa Diyos, tanging ang mga tunay na dumaranas sa Kanyang paghatol at pagkastigo, at ganap na nagpapasakop sa Kanyang gawain, ang malilinis at magagawang perpekto. Iyong mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo na hindi tumatanggap ng kahit katiting na katotohanan, ay tutol sa katotohanan sa puso nila; hindi nila kailanman makakamit ang pagliligtas ng Diyos, at maaari lang silang mabunyag at matiwalag ng gawain ng Diyos.

Ang mga huwad na lider ay walang pag-unawa sa gawain ng Diyos. Iniisip nilang ganoon kasimple ang gawain ng pagliligtas ng Diyos sa mga tao, naniniwala sila na sa pamamagitan ng pagbabasa ng ilang salita ng Diyos sa masasamang tao at mga anticristo at pagsasabi ng ilang malupit na salita ng pagpupungos, magsisisi at magbabago ang mga ito, at magiging tapat sa mga tungkulin ng mga ito. Ano ang problema rito? Bukod sa hindi paghahangad sa katotohanan at hindi pagkaunawa sa katotohanan, dahil din ito sa napakahinang kakayahan ng mga huwad na lider; samakatwid, wala talaga silang pagkaunawa sa gawain ng Diyos at kung paano inililigtas ng Diyos ang mga tao. Para makita kung ano ang diwa ng isang tao, kung mayroon man siyang katotohanang realidad, at kung paano siya dapat na tratuhin, kinakailangang isaalang-alang ang kakayahan at saloobin niya sa katotohanan—dapat mong obserbahan kung kumusta ang pagkaarok niya sa katotohanan at kung kaya ba niyang tanggapin ang katotohanan. Kaya, ano ang batayan sa pagsukat kung kayang maarok ng isang tao ang katotohanan? Pangunahin itong nakasalalay sa kalidad ng kakayahan niya at kung dalisay ba ang pagkaarok niya sa mga salita ng Diyos. Ang ilang tao ay umaabot sa edad na limampu o animnapu pero hindi pa rin nila nakikilatis ang diwa at aktuwal na kalagayan ng katiwalian ng sangkatauhan. Iniisip pa rin nila na maganda ang lipunan ng tao at gusto nilang mamuhay nang payapa at matiwasay kasama ang iba. Hindi ba't labis itong hangal at walang kamuwang-muwang? Kung puwedeng maging mabuti ang lahat ng tao dahil sa pananampalataya sa Diyos, kakailanganin pa ba ang gawain ng Diyos ng paghatol at pagkastigo para iligtas ang mga tao? Hindi inilalarawan ng mga huwad na lider ang iba't ibang tao batay sa mga salita ng Diyos kundi batay lang sa panlabas na pag-uugali ng mga ito at batay sa mga personal na impresyon ng huwad na lider. Napakamababaw rin ng gawaing ginagawa nila, tulad ng mga batang naglalaro ng bahay-bahayan. Iniisip nila na minsan ay kaya nilang hanapin ang mga tamang salita ng Diyos para ilapat sa isang partikular na sitwasyon, at na ang simpleng pagbabasa ng ilang salita ng Diyos sa mga tao ay makapagpapabago sa mga ito: "Tingnan mo, sa ilalim ng pamumuno at panghihikayat ko, sa pamamagitan ng aking mapagmahal na pagtulong, nagkaroon na ng epekto sa mga tao ang mga salita ng Diyos. Ayaw na nilang maging mga anticristo, at handa na silang baguhin ang mga pananaw nila sa pananampalataya sa Diyos. Hindi na sila makikipag-agawan para sa kapangyarihan at pakinabang, ni magtatatag ng mga nagsasariling kaharian; hindi na nila gagambalain at guguluhin ang gawain ng iglesia, at hindi na nila ililihis ang mga kapatid o kukuhain ang loob ng mga ito!" Kaya mo ba silang limitahan? Hindi mo kailanman malilimitahan ang tunay na masasamang tao na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan. Dahil may diwa sila ng masasamang tao, gumagawa sila ng masasamang gawa anumang oras ng araw o gabi; sa tuwing may pagkakataon sila, gumagawa sila ng kasamaan. Ayos lang ba na hindi mo sila paalisin sa iglesia? Titigil ba sila nang kusa sa masasamang gawa nila? Hindi sila mga tao; sila ay mga diyablo at Satanas! Ilang taon na bang lumalaban sa Diyos ang mga diyablo at si Satanas? Hanggang ngayon, lumalaban pa rin ang mga ito

sa Diyos. Ang mga anticristo at lahat ng uri ng masamang tao na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia ay ang mga diyablo at Satanas sa tunay na buhay; sila ang mga kaaway sa tunay na buhay. Maaari ba nilang mabago ang diwa nila dahil lang sa ilang salita mula sa iyo o dahil sa mapagmahal na puso mo? Napakahangal mo! Iniisip mo bang maliligtas mo ang mga tao mula sa kasalanan dahil lang nauunawaan mo ang kaunting doktrina? Kaya mo ba silang iligtas? Nakatadhana na silang mapunta sa impiyerno, pero iniisip mong mababago sila ng ilang magandang salita. Ganoon ba ito kadali? Kung ang mga tao ay napakadaling iligtas, hindi na kakailanganin ng Diyos na magsabi ng napakaraming salita o gumampan ng gawain ng paghatol at pagkastigo. Kakailanganin ba Niyang gumugol ng napakaraming oras at ng napakaraming dugo ng puso Niya para iligtas ang mga tao?

Ngayon, sa iglesia, nabunyag at nabukod-bukod na ang iba't ibang tao ayon sa kanilang uri. Dapat na maklasipika ang lahat batay sa uri nila, at may mga prinsipyo at atas administratibo sa sambahayan ng Diyos na namamahala sa kung paano tatratuhin at pangangasiwaan ang iba't ibang uri ng mga tao. May pagtitiis at pagpaparaya, awa at mapagmahal na kabaitan, at matuwid na disposisyon ang Diyos—pero huwag kalimutan na ang Diyos ay may poot at pagiging maharlika rin. Sinasabi ng ilang tao, "Nais ng Diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw Niyang mapahamak ang sinuman." Totoo ito, pero nais ng Diyos na iligtas ang "bawat tao," hindi ang bawat bagay o bawat diyablo. Kapag nasasadlak sa perdisyon ang mga tao, nakakaramdam ng hinagpis at pighati ang Diyos. Kapag nasasadlak sa perdisyon ang mga diyablo, iyon ang nararapat na wakas at karampatang parusa para sa kanila; hindi nakakaramdam ng pighati ang Diyos para sa kanila. Ito ang disposisyon ng Diyos at ang prinsipyo Niya sa pangangasiwa sa mga tao. Palaging gustong kontrahin ng mga tao ang Diyos, iniisip nila na ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo ay mga tao rin. Iniisip nila na ang mga palaging nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia ay mga tao rin, na ang mga nakikipag-agawan sa katayuan at nagtatatag ng mga nagsasariling kaharian ay mga tao rin, at na ang mga palaging nakikisangkot sa kahalayan ay mga tao rin. Isinasama nila sa hinirang na mga tao ng Diyos ang lahat ng indibidwal na ito na sa mga kauri ng mga diyablo. Hindi ba't katawa-tawa ito? Hindi ba't salungat ito sa mga ninanais ng Diyos? Dahil ang mga pananaw nila sa mga usapin ay lubos na taliwas sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan, ang mga opinyon nila tungkol sa iba't ibang negatibong personalidad, diyablo, at Satanas ay ganap na salungat sa mga salita ng Diyos, napakalaki ng pagkakaiba. Hindi kailanman tinrato ng Diyos bilang mga tao ang mga diyablong sumusunod kay Satanas. Paano inilalarawan ng Diyos ang mga taong ito? Mga alipin sila ng diyablong si Satanas; mga halimaw sila. Ang mga huwad na lider, dahil sa mababuti nilang intensiyon at naguguluhang pagmamahal, at dahil hinihimok sila ng sarili nilang pag-iilusyon, itinuturing nila ang mga hindi mananampalataya, diyablo, at alipin na ito ni Satanas bilang mga kapatid. Samakatwid, pinapakitaan nila ang mga ito ng malaking pagmamahal at kabaitan, palaging tinutulungan at sinusuportahan ang mga ito. Bilang

resulta, dahil sa suporta, tulong, at pamumuno ng mga huwad na lider sa mga taong iyon, ang tunay na mga kapatid, iyong mga gustong iligtas ng Diyos, ay labis na nababahala; hindi kailanman makapasok sa tamang landas ang buhay iglesia, at ang mga kapatid ay hindi kailanman normal na makakain at makainom ng mga salita ng Diyos at makapagbahaginan sa katotohanan nang hindi nagugulo ng masasamang tao. Hindi ba't ito ang "nakamit" ng mga huwad na lider? Talagang makabuluhan ang "nakamit" nila: Bukod sa nabibigo silang protektahan ang mga kapatid, binibigyan din nila ng di-nararapat na paggalang at proteksiyon ang masasamang tao at mga anticristong iyon. Hindi ba't paggambala ito sa gawain ng iglesia? Ang kalikasan ng mga huwad na lider na gumagawa nito ay paggambala, pero iniisip nilang pinananatili nila ang gawain ng iglesia at na tinutulungan at sinusuportahan nila ang hinirang na mga tao ng Diyos. Paano tinitingnan ng Diyos ang mga kilos na ito ng mga huwad na lider? Kinasusuklaman ng Diyos ang mga ito, labis Niyang kinasusuklaman ang mga ito! Hindi gumagawa ng aktuwal na gawain ang mga huwad na lider, sa halip ay nakatuon sila sa pangangalaga sa masasamang tao, kumikilos sila bilang mga alipin ni Satanas. Dahil dito, ang hinirang na mga tao ng Diyos—iyong mga nagmamahal sa katotohanan—ay hindi nakakatanggap ng suporta at pagtustos ng iglesia sa kabila ng pamumuhay ng buhay iglesia, at gusto nilang gawin ang mga tungkulin nila pero hindi tiyak ang seguridad nila. Ganap na walang kaalam-alam ang mga huwad na lider sa mga usaping ito at iniisip nila, "Pantay-pantay ang pagtrato ko sa lahat, kaya bakit kayo nagrereklamo? Ano ba ang dapat kong gawin para masiyahan kayo? Ito ang ibig sabihin ng patas na pagtrato sa mga tao. Sadyang maselan kayo at mahirap kayong mapasaya! Hindi bale, nananagot ako sa Diyos; ginagawa ko ang lahat sa harap ng Diyos!" Hindi ba't hindi sila tinatablan ng katwiran para makapaglitanya sila ng gayong retorika? Hindi ba't sukdulan ang kahangalan nila? Tunay ngang hindi sila tinatablan ng katwiran at sukdulan ang kahangalan nila. Araw-araw na tinatalakay ng sambahayan ng Diyos kung paano inililigtas ng Diyos ang sangkatauhan, pero hindi kailanman nauunawaan ng mga huwad na lider ang mga salita ng Diyos. Iniisip nila na sinuman ang isang tao, ano man ang diwa niya, at gaano man kasama ang mga nagawa niya, at gaano man kamapaminsala ang pagkatao niya, sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos at sa tulong ng mapagmahal na pagsuporta ng mga tao, sa huli ay magsisisi at magbabago ito. Hindi ba't maling-mali ang pananaw na ito? (Oo.) Bukod sa pagkakaroon ng labis na nakalilinlang na pagkaarok sa mga salita ng Diyos, nagpapanggap din ang mga huwad na lider na nauunawaan nila ang mga layunin ng Diyos at, sa makitid nilang pananaw at sa pagtupad sa sarili nilang mga makasariling pagnanais, nagpapakita sila ng kabaitan at pagmamahal sa masasamang tao at mga anticristo. At ano ang resulta? Nauuwi sila sa pagtatanggol sa masasamang tao at mga anticristo, nagiging kasabwat ng mga ito, nagbibigay ng mga pagkakataon at lugar para gambalain at guluhin ng mga ito ang gawain ng iglesia at ang buhay iglesia. Samantala, ang mga kapatid na tunay na nangangailangan ng proteksiyon ay binabalewala ng mga huwad na lider, na hindi kailanman nagtatanong sa mga ito, "Ano ang nararamdaman

ninyo tungkol sa pagkakaroon ng masasamang tao at mga anticristong ito sa iglesia, at ng mga nagbubulalas ng pagkanegatibo at nagpapakalat ng mga kuru-kuro? Sumasang-ayon ba kayo na manatili sila sa iglesia? Handa ba kayong gawin ang mga tungkulin ninyo at mamuhay ng buhay iglesia kasama sila?" Hindi nila kailanman tinatanong kung ano ang nararamdaman ng mga kapatid tungkol sa mga bagay na ito. Ano sa palagay ninyo—hindi ba't labis na kasuklam-suklam ang mga gayong lider at manggagawa? Kumikilos sila sa ilalim ng pangalan ng pagiging mga lider at manggagawa, taglay ang mga gayong titulo, pero ang totoo ay ginagawa nila ang gawain ng pangangalaga kay Satanas at sa mga alipin ni Satanas. Nakakalungkot talaga ito! Kung sasabihin mong ang mga gayong lider at manggagawa ay may mahinang kakayahan at hindi gumagawa ng aktuwal na gawain, maaaring hindi sila makumbinsi. Mararamdaman nilang naagrabyado sila, iisipin nilang abala sila araw-araw at hindi naman tamad, kaya paanong hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain? Pero batay sa mga pagpapamalas nila—dahil nararamdaman nila na parehong mahalaga ang dalawang grupo ng mga tao, iniisip na dapat tratuhin nang pantay-pantay ang parehong grupo, ginagamit ang patas na pagtrato bilang dahilan para payagan ang masasamang tao at iyong mga nanggagambala at nanggugulo na mangibabaw sa iglesia, at hinahayaang magpatuloy ang iba't ibang masamang gawa sa iglesia—ano ang mga lider at manggagawang ito? Batay sa mga pagpapamalas nila, sa paraan at mga prinsipyo nila ng paggawa, at sa mga motibo nila sa paggawa, malinaw na sila ay mga huwad na lider at mga hangal na magulo ang isip. Tama bang sabihin ito? (Oo.)

Sa lipunan, anuman ang grupo o uri ng mga tao, hindi nila pinag-iiba ang masasamang tao sa mabubuting tao, lalong hindi nila tinatalakay kung paano ginagawang tiwali ni Satanas ang mga tao o kung ano ang diwa ng tiwaling sangkatauhan; hindi man lang nila kinikilala ang kaibahan ng mabuti sa masama. Pero sa sambahayan ng Diyos, nakabatay sa mga salita ng Diyos ang lahat ng bagay; hindi kailanman nagbabago ang katotohanan, at naisasakatuparan ng mga salita ng Diyos ang lahat ng bagay. Sa iglesia, ibinubunyag ng mga salita ng Diyos ang lahat ng uri ng tao, at sila ay natural na ibinukod-bukod ayon sa kanilang uri. Ang lahat ng uri ng tao ay dapat na pinakamainam na gamitin batay sa pagkatao, mga paghahangad, at diwa nila. Pagkaklasipika ba ito sa mga tao nang batay sa ranggo? Hindi ito pagkaklasipika sa mga tao batay sa ranggo, bagkus ay pagkakategorya sa kanila. Ang bawat tao ay dapat na mabukod-bukod ayon sa kanilang uri—dapat silang ilagay kung saan sila nabibilang. Ang paghahalo-halo ay hindi katanggap-tanggap; ang paghahalo-halo ay pansamantala at may takdang panahon. Halimbawa, kapag pinaghalo ang mga ligaw na damo at trigo, kung ang pagbunot sa mga ligaw na damo ay nakakaapekto sa trigo at maaaring magdulot ng pagkamatay ng trigo, hindi muna dapat bunutin ang mga ligaw na damo. Pero ang hindi pagbunot sa mga ito ay hindi nangangahulugang hindi nakakategorya ang mga ito—kung gayon, kailan dapat bunutin ang mga ito? Sa tamang panahon; ihahanda ng Diyos ang panahon. Ngayon ang panahon para ang bawat isa ay mabukod-bukod ayon sa kanilang

uri; kailangang maikategorya ang lahat ng uri ng tao. Kinakailangan ito. Bakit kailangang gawin ang gawaing ito? Mula sa teoretikal na perspektiba, nariyan ang batayan ng mga salita ng Diyos; mula sa perspektiba ng aktuwal na sitwasyon, kailangan itong gawin—may praktikal na halaga ito, at mahalagang gawin ito. Kapag ang pagbunot sa mga ligaw na damo ay hindi nakakaapekto sa trigo, dapat nang bunutin ang mga ligaw na damo at ihiwalay sa trigo. Kung ang mga hindi mananampalataya at masasamang tao—iyong mga ligaw na damo—ay itinuturing bilang mga kapatid, masyado itong hindi patas sa lahat ng kapatid na sinserong gumugugol ng sarili nila para sa Diyos. Sa isang banda, ang mga taong ito ay madalas na magugulo, maiimpluwensiyahan, at mapipinsala ng masasamang tao na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia. Sa kabilang banda, ang ilang tao na may mababang tayog ay hindi nakakaunawa sa katotohanan at sila ay mapipigilan, magiging negatibo at mahina, o matitisod pa nga kapag nakakaugnayan nila ang masasamang taong nanggagambala at nanggugulo. Bukod dito, ang lahat ng ginagawa ng mga nanggagambala at nanggugulo at ang bawat salitang sinasabi nila ay nagdudulot ng ligalig, kaguluhan, at di-maayos na mga sitwasyon. Ang pinakamakatotohanang sitwasyon ay na kapag gumagawa sila ng isang tungkulin o ng ilang gawain, walang ingat silang gumagawa ng masasamang gawa at hindi sila sumusunod sa mga prinsipyo, na humahantong sa napakalaking pag-aaksaya ng lakas-tao, materyal na mapagkukunan, at pinansiyal na mapagkukunan nang walang nakakamit na anumang resulta. Sa huli, ano ang nangyayari? Kapag tinanggal sila, ang lahat ay kailangang magbayad para sa masasamang gawa nila. Ang gawain ay kailangang ulitin, at ang lakas-tao, materyal na mapagkukunan, oras, at ang pinakamahalagang enerhiya na ginugol ng lahat bago natanggal ang mga indibidwal na iyon ay nasayang dahil sa masasamang gawa nila at hindi na mababawi pa. Napakalaki ng negatibong epektong idinulot nila sa gawaing ito! Walang makapagpapasan sa responsabilidad na ito. Kahit na magawa nang maayos ang gawain kalaunan, ang mga naging kawalan noon ay hindi mababayaran ng sinuman. Sinasabi ng ilan na pagbayarin sila ng pera; dapat din itong gawin, pero mabibili ba ng pera ang oras? Mabibili ba ng pera ang oras at lakas ng mga kapatid, o ang sinserong halaga na ibinayad nila? Hindi—walang katumbas na halaga ang mga iyon! Gaano man karami ang mga taong nagdudulot ng paggambala at panggugulo sa iglesia, hindi masusukat ang mga kahihinatnan. Maaapektuhan ang buhay pagpasok ng napakaraming kapatid. Ang kawalan ay malaki at hindi na mababayaran. Mababayaran ba ang kawalan sa buhay ng mga kapatid? Sino ang magbabayad sa kawalan na ito? Kaya, kailangang alisin ang masasamang taong ito. Hindi sila kauri ng mga kapatid na naghahangad sa katotohanan. Kabilang sila sa mga kasabwat ng mga diyablo at ni Satanas, na pumunta sa sambahayan ng Diyos para manggulo at manira. Kung hindi paaalisin sa iglesia ang masasamang taong ito, hindi kailanman masisiguro ang gawain ng iglesia at ang kaayusan ng buhay iglesia. Kahit ilang tao ang bumubuo sa isang partikular na grupo, hangga't may isang tao sa kanila na nanggagambala at nanggugulo—isang taong walang ingat na gumagawa ng masasamang gawa, hindi kailanman

pinapangasiwaan ang mga usapin nang ayon sa mga prinsipyo, hindi kailanman tinatanggap ang mga positibong bagay o ang katotohanan, walang pinapakinggan, at kumikilos nang sutil at basta-basta may katayuan o kapangyarihan man siya o wala, at sa esensiya ay isang buhay na Satanas—ang gayong tao, hangga't nananatili siya sa iglesia, ay magdudulot, sa malao't madali, ng malaking kaguluhan at pagkasira sa gawain ng iglesia. Kapag dumating ang araw para paalisin at pangasiwaan siya, gaano karaming tao ang kailangang maglinis ng mga hindi kanais-nais na kinahinatnan at magugulong sitwasyong idinulot niya! Samakatwid, ang pagpapaalis o pagpapatalsik sa masasamang tao at mga anticristong ito ay isang mahalagang gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa, at hindi ito dapat gawin nang walang ingat. Gayumpaman, nagpapakita ng kabaitan at pagmamahal ang mga huwad na lider sa mga dapat nang paalisin o patalsikin, nagbubulag-bulagan sila sa masasamang gawa ng mga ito, at tinitiis at hinahayaan ang mga ito na tila mga kapatid, at itinuturing pa nila ang mga kapaki-pakinabang sa kanila bilang mga taong may talento at nililinang at ginagamit nila ang mga ito. Anuman ang masasamang bagay na ginagawa ng mga ito, naghahanap ng mga palusot ang mga huwad na lider para patawarin ang mga ito, at binibigyan pa nga ang mga ito ng mapagmahal na pagtulong at pagsuporta. Sa ilang antas, hindi ba't sadya itong paggambala? (Oo.) Ang mga huwad na lider ay kumikilos ayon sa sarili nilang mga ideya at sa sarili nilang kabaitan at kasigasigan, na sa huli ay nagdudulot sila ng malaking problema sa iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos! Kung hahawak ng kapangyarihan ang masasamang taong ito, ang mga sakuna at kahihinatnang idudulot nila ay hindi masusukat.

May kasalukuyang regulasyon sa sambahayan ng Diyos na sinumang gumagawa ng masasamang gawa, basta't nagdudulot ito ng kawalan sa sambahayan ng Diyos, kailangan nilang magbayad para dito. Kung napakalaki ng kawalan at malubha ang mga kinahinatnan, malulutas ba ang problema sa pamamagitan lang ng pagbabayad ng pera? May ilang kawalang hindi matutumbasan ng anumang halaga ng pera; hindi na mababawi at maibabalik ang mga ito. Napakahalaga at napakakritikal ng bawat araw ngayon. Kapag lumipas na ang isang araw, maibabalik ba ang oras na iyon? Hindi na rin iyon maibabalik. Bakit natin sinasabing habambuhay na pagsisisihan kapag napalampas ang ilang partikular na bagay? Dahil mismo sa hindi na maibabalik ang oras. Ano ang ibig Kong sabihin dito? Pinakamainam na makaiwas sa mga problema bago pa man mangyari ang mga ito, sa halip na gumastos ng pera para lutasin ang mga ito pagkatapos mangyari ng mga ito; ito ang pinakamainam na paraan para malutas ang mga problema. "Ang pagsasara sa pinto ng kuwadra pagkatapos makawala ng kabayo" ay huling paraan na. Pinakamainam na maghanda kung paano makakaiwas bago pa mangyari ang mga bagay. Nangangahulugan ito na bago mangyari ang anumang paggambala o panggugulo, ang mga lider at manggagawa ay dapat magkaroon ng malinaw na pagkilatis at masusing pag-unawa sa iba't ibang uri ng tao sa iglesia, at maingat na obserbahan at agarang arukin ang mga kalagayan, disposisyon, at hangarin ng iba't

ibang uri ng tao, gayundin ang mga saloobin at pananaw nila habang gumagawa ng tungkulin, para matiyak na ang lahat ng kapatid ay may normal na buhay iglesia at kapaligiran para sa paggawa ng mga tungkulin nila. Sa ganitong paraan, makakausad nang maayos ang gawain ng iglesia. Ito ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Siyempre, hindi kayang gawin ng mga huwad na lider ang ganitong gawain; sila ay mga hangal na magulo ang isip at mga taong walang silbi. Ngayon, mayroon silang matalinong ideya: “Ang sinumang hindi sumusunod sa mga prinsipyo at palpak sa gawain ay pagmumultahin! Kung may ginawang mali ang isang anticristo, pagmumultahin siya!” Iniisip nila na ang pagpapataw ng mga multa ang pinakamainam na solusyon at pinakamabuting prinsipyo ng pagsasagawa. Kung malulutas ang lahat ng problema sa pamamagitan ng mga pagmumulta, ano pa ang silbi ng paghahangad sa katotohanan? Bakit tinatawag na huwad ang isang huwad na lider? Dahil hindi niya nauunawaan ang katotohanan, at itinuturing niyang pagsasagawa sa katotohanan ang pagsunod sa mga regulasyon at itinuturing niya bilang katotohanan ang mga salita at doktrinang nauunawaan niya, at kapag nangyayari ang mga bagay-bagay, hinding-hindi niya mahanap ang mga tamang prinsipyo o direksiyon at hindi niya malutas ang ugat ng mga problema. Hindi niya nauunawaan ang mga salita ng Diyos at hindi niya maarok kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng Diyos pero gusto pa rin niyang gumawa at maging lider o manggagawa—napakahangal nito! Sa aspektong ito, ano ang pangunahing pagpapamalas ng isang huwad na lider? Hindi niya makilala ang diwa ng iba’t ibang uri ng mga taong nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, hindi niya makategorya ang mga ito, at tiyak na hindi niya kayang tratuhin o pangasiwaan ang mga ito nang ayon sa mga prinsipyo. Sa isipan ng isang huwad na lider, magulo ang lahat ng ito. Binibigyan niya ng interpretasyon ang mga salita ng Diyos at ang ibig sabihin ng Diyos, batay sa kasigasigan niya at sarili niyang mga kuru-kuro at imahinasyon. Kasabay nito, ipinipilit niya ang kanyang kabaitan, kasigasigan, at personal na mga imahinasyon at kuru-kuro sa Diyos, naniniwalang naaayon sa katotohanan ang mga ito, naaayon sa mga layunin ng Diyos, at maaaring kumatawan sa ninanais ng Diyos. Dahil dito, umaasa sila sa mga bagay na ito para gumawa at pamunuan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ang pangunahing pagpapamalas ng isang huwad na lider. Dito natin tatapusin ang pagbabahaginan natin sa ikalawang pagpapamalas ng mga huwad na lider.

III. Hindi Inilalantad at Pinipigilan ng mga Huwad na Lider ang Masasamang Tao

Susunod, pagbabahaginan natin ang ikatlong pagpapamalas ng mga huwad na lider, ang hindi pagbibigay-pansin at hindi pagtatanong tungkol sa mga taong nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia—kahit kapag natutuklasan nila na ginugulo ng masasamang tao at mga anticristo ang gawain ng iglesia, hindi nila ito binibigyang-pansin. Mas malubha ang kalikasan nito kaysa sa naunang dalawang pagpapamalas. Bakit sinasabing mas malubha ito? Ang naunang dalawang pagpapamalas ay may kinalaman

sa kakayahan ng mga huwad na lider, pero ang pagpapamalas na ito ay may kinalaman sa pagkatao ng mga huwad na lider. Napakahina ng kakayahan ng ilang huwad na lider na hindi nila makilatis ang kalikasan ng paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia. Ang iba namang huwad na lider, kahit kaya nilang matuklasan ang mga problema ng paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia, sa kasamaang-palad ay hindi nila nauunawaan ang katotohanan at hindi nila kayang pangasiwaan at lutasin ang mga problemang ito. Palagi silang kumikilos ayon sa sarili nilang mga ideya at kasigasigan, ginagawa ang gusto nilang gawin, iniisip sa puso nila, “Hangga’t ginagawa ko ang gawain ng iglesia, ayos lang ito; pagdating naman sa kung sino ang nanggagambala at nanggugulo, personal na nilang usapin iyon at wala iyong kinalaman sa akin.” May ilan ding huwad na lider na may kaunting kakayahan at nakakagawa ng kaunting gawain, at may kaunting kaalaman tungkol sa mga prinsipyo ng pangangasiwa sa bawat uri ng tao. Gayumpaman, takot silang mapasama ang loob ng mga tao, kaya kapag natutuklasan nila ang masasamang tao at mga anticristo na nagdudulot ng mga paggambala at panggugulo, hindi sila naglalakas-loob na ilantad, pigilan, o limitahan ang mga ito. Namumuhay sila ayon sa mga satanikong pilosopiya, at nagbubulag-bulagan sila sa mga usaping pakiramdam nila ay walang kinalaman sa kanila. Wala talaga silang pakialam kung ano ang mga resulta ng gawain ng iglesia, o kung gaano naaapektuhan ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos; iniisip nilang walang kinalaman sa kanila ang mga gayong bagay. Kaya, sa panahon ng pamumuno ng gayong huwad na lider, hindi napapanatili ang normal na kaayusan ng buhay iglesia, at hindi napoprotektahan ang mga tungkulin at buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ano ang kalikasan ng problemang ito? Hindi ito kaso kung saan hindi magawa ng mga huwad na lider ang gawain nila dahil mahina ang kakayahan nila; ito ay dahil mababa ang pagkatao nila, at wala silang konsensiya at katwiran, kaya hindi sila gumagawa ng tunay na gawain. Sa anong paraan nagiging huwad ang mga huwad na lider? Wala silang konsensiya at katwiran ng pagkatao; samakatwid, sa panahon ng paggawa nila bilang lider, hindi talaga nalulutas ang isyu ng masasamang tao at mga anticristo na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia. Labis na napipinsala ang ilang kapatid, at ang gawain ng iglesia ay nagdurusa rin ng malalaking kawalan. Kapag napapansin ng ganitong uri ng huwad na lider ang isang problema, kapag nakikita nila ang isang masamang tao o anticristong nagdudulot ng pagkagambala o kaguluhan, alam nila kung ano ang responsabilidad nila, kung ano ang dapat nilang gawin, at kung paano nila ito dapat gawin, pero wala talaga silang ginagawa, at nagkukunwari pa nga silang walang alam, ganap nilang binabalewala ito, at hindi nila inuulat ang usapin sa mga nakakataas sa kanila. Nagpapanggap silang walang alam at walang nakikita, hinahayaan ang masasamang tao at mga anticristo na gambalain at guluhin ang gawain ng iglesia. Hindi ba’t may problema sa pagkatao nila? Hindi ba’t kauri sila ng masasamang tao at mga anticristo? Anong prinsipyo ba ang kanilang pinanghahawakan bilang lider? “Hindi ako nagdudulot ng anumang pagkagambala o kaguluhan, pero hindi

ako gagawa ng anumang bagay na makapagpapasama ng loob, o anumang bagay na makakasakit sa dignidad ng iba. Tukuyin man ako bilang isang huwad na lider, hindi pa rin ako gagawa ng anumang bagay na makapagpapasama ng loob. Kailangan kong ipaghanda ang sarili ko ng daan palabas." Anong uri ng lohika ito? Ito ang lohika ni Satanas. At anong uri ng disposisyon ito? Hindi ba't napakatuso at napakamapanlinlang nito? Hindi tapat kahit bahagya man ang gayong tao sa kanyang pagtrato sa atas ng Diyos; palagi siyang tuso at madaya sa pagganap sa kanyang tungkulin, na may napakaraming hindi kanais-nais na kalkulasyon, iniisip ang kanyang sarili sa lahat ng bagay. Hindi man lang niya iniisip ang gawain ng iglesia at walang-wala siyang konsensiya o katwiran. Siya ay lubos na hindi karapat-dapat na maglingkod bilang isang lider ng iglesia. Ang mga gayong tao ay walang kahit katiting na pasanin para sa gawain ng iglesia o sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang iniintindi lang nila ay ang sarili nilang mga interes at pagtatamasa; nakatuon lang sila sa pagpapasasa sa mga pakinabang ng katayuan, nang walang anumang pakialam sa kondisyong kinalalagyan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ba't ito ang pinakamakasarili at pinakakasuklam-suklam na tao? Kahit kapag may natutuklasan silang masasamang tao at mga anticristo na nanggugulo sa gawain ng iglesia, hindi nila ito binibigyang-pansin, para bang walang kinalaman sa kanila ang mga usaping ito. Para itong isang pastol na nakikitang kinakain ng lobo ang tupa pero wala siyang ginagawa, iniisip lang ang sarili niyang kaligtasan. Hindi kalipikado na maging pastol ang gayong tao. Ang lahat ng ginagawa ng ganitong uri ng huwad na lider ay para protektahan nang lubos ang sarili nilang reputasyon, katayuan, kapangyarihan, at ang iba't ibang pakinabang na kasalukuyan nilang tinatamasa. Wala silang pasanin sa puso nila para sa atas ng Diyos, sa gawain ng iglesia, o sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, na kanilang mga tungkulin at responsabilidad; hindi nila kailanman isinaalang-alang ang mga ito. Iniisip nila, "Bakit kailangang gawin ng isang lider ang mga gampaning ito? Bakit ang hindi paggawa ng mga gawaing ito ay nagreresulta sa pagkapungos at pagkakondena, at pagtatanggi ng mga kapatid?" Hindi nila nauunawaan at ganap na wala silang pakialam. Sa puso Ko, kahit gaano kabait tingnan ang ganitong uri ng tao, kahit gaano siya kamukhang sumusunod sa mga tuntunin, o kahit gaano siya katahimik, o kasipag at kahusay, dahil sa katunayang kumikilos siya nang walang mga prinsipyo at hindi siya umaako ng pananagutan para sa gawain ng iglesia, naoobliga Akong magbago ng pananaw sa kanya. Sa huli, tinukoy Ko ang ganitong uri ng tao nang ganito: Maaaring wala siyang malalaking pagkakamali, pero napakatuso at napakamapanlinlang niya; wala siyang inaakong anumang responsabilidad, hinding-hindi rin niya itinataguyod ang gawain ng iglesia—wala siyang pagkatao. Pakiramdam Ko, para siyang isang hayop—dahil sa kanyang pagkatuso, para siyang isang soro. Sinasabi ng mga tao na tuso ang mga soro, pero sa katunayan, ang mga taong ito ay mas tuso pa kaysa sa mga soro. Sa panlabas, mukhang wala silang ginawang anumang kasamaan, pero sa katunayan, ang lahat ng sinasabi at ginagawa nila ay para sa sarili nilang kasikatan, pakinabang, at

katayuan. Ang lahat ng ginagawa nila ay para sa layon ng pagtatamasa sa mga pakinabang ng kanilang katayuan, at hinding-hindi nila isinasaalang-alang ang mga layunin ng Diyos. Hindi nila nilulutas ang mga problemang lumilitaw sa gawain ng iglesia kahit kaunti, ni tinutugunan ang mga aktuwal na isyung may kinalaman sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang mga huwad na lider na ito ay hindi gumagawa ng anumang gawain para akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos patungo sa katotohanang realidad. Ano ba talaga ang layon ng lahat ng ginagawa nila? Hindi ba't ito ay para lang magpalugod ng mga tao at para maging mataas ang tingin sa kanila ng iba? Sinisikap nilang maging maganda ang tingin sa kanila ng lahat ng tao nang wala silang napapasama ng loob, nang sa gayon ay matamasa nila ang reputasyon nila at ang mga pakinabang ng katayuan nila. Ang pinakakamuhi-muhi sa kanila ay na lahat ng kilos nila ay walang idinudulot na pakinabang sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos; sa halip, inililihis nila ang mga tao, hinihimok nila ang iba na hangaan at idolohin sila. Hindi ba't mas tuso at mas mapanlinlang ang mga taong ito kaysa sa mga soro? Sila ay mga tipikal, tunay na huwad na lider. May katayuan sila ng lider at hawak nila ang titulong ito pero wala silang ginagawang anumang aktuwal na gawain, inaasikaso lang nila ang ilang nakikita, mababaw na pangkalahatang usapin, o labag sa loob silang gumagawa ng kaunting gawaing espesyal na itinalaga ng ang Itaas. Kung walang espesyal na pagtatalaga mula sa ang Itaas, wala silang ginagawang anumang mahalagang gawain ng iglesia. Tungkol sa mga usaping may kinalaman sa pagpapanatili ng gawain ng iglesia at ng kaayusan ng buhay iglesia, natatakot silang makapagpasama ng loob ng mga tao at hindi sila naglalakas-loob na magtaguyod ng mga prinsipyo. Hindi nila nilulutas ang anuman sa mga naipong problema sa gawain ng iglesia, at kahit kapag nakikita nilang nilulustay ng mga anticristo at masasamang tao ang mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos, wala silang ginagawa para pigilan o limitahan ito. Sa puso nila, malinaw na alam nilang gumagawa ng masama ang mga taong ito at pinipinsala ng mga ito ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, pero nagkukunwari silang walang alam, hindi sila kumikibo. Ito ang mga tuso at mapanlinlang na tao. Hindi ba't mas tuso ang mga taong ito kaysa sa mga soro? Sa panlabas, mabait sila sa lahat at hindi gumagawa ng mga bagay na nakakapinsala sa kahit na sino, pero inaantala nila ang malaking usapin ng buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, ng gawain ng iglesia, at ng gawain ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Karapat-dapat bang maging lider at manggagawa ang mga gayong tao? Hindi ba't mga alipin sila ni Satanas? Hindi ba't sila ang mga nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia? Bagama't sa panlabas ay mukhang wala silang ginawang anumang kasamaan na halata, ang mga kinahihinatnan ng paggawa nila sa ganitong paraan ay mas malubha pa kaysa sa paggawa ng kasamaan. Hinahadlangan nila ang pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos, nilalabanan nila ang Diyos, at ginagambala at ginugulo nila ang gawain ng iglesia. Pinipinsala nila ang hinirang na mga tao ng Diyos at maaari pa nga nilang wasakin ang pag-asa ng hinirang na mga tao ng Diyos na maligtas. Sabihin mo sa Akin, hindi ba't paggawa ito ng kasamaan? Ito

mismo ang ginagawa ng isang taong mapagpalugod ng mga tao pero hinding-hindi nagtataguyod ng mga prinsipyo. Ang mga taong hindi nakakaunawa sa katotohanan ay hindi lubos na nakakakita sa kahindik-hindik na mga kinahihinatnan ng ganitong paggawa ng mga huwad na lider, at hindi nila naaarok kung ano ang mga intensiyon, motibo, at balak ng mga ito. Hindi mo kailanman mauunawaan kung ano talaga ang gusto nilang gawin sa puso nila—masyadong tuso ang mga gayong tao! Sa matalinghagang pananalita, sila ay mga tusong soro; sa tumpak na pananalita, sila ay mga buhay na diyablo, mga buhay na diyablo sa gitna ng mga tao!

Pagdating sa kung paano dapat ilarawan ang mga huwad na lider na ito, batay sa disposisyong diwa nila, hindi sila puwedeng basta-bastang ilagay sa kategorya ng masasamang tao, mga anticristo, mga mapagpaimbabaw, at iba pa. Gayumpaman, batay sa ipinapamalas nila, tulad ng mga pagpapamalas ng pagkatao nila at sa saloobin nila sa gawain ng iglesia, pati na rin sa hindi nila pagtugon sa mga problemang natutuklasan nila, sila ang pinakaimoral na uri ng mga huwad na lider. Batay sa iba't ibang pagpapamalas nila, bagama't hindi sila aktibong nagpapangkat-pangkat o nagtatatag ng nagsasarili nilang mga kaharian, at bihira silang magpatotoo sa sarili nila, at bagama't nakakasundo nila ang mga kapatid, nagtitiis ng hirap, nagbabayad ng halaga, hindi nagnanakaw ng mga handog, at mahigpit pa ngang nililimitahan ang sarili nila mula sa paghahangad ng mga espesyal na pribilehiyo, kapag nahaharap sila sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, o sa iba't ibang taong naglulustay ng mga handog at sumisira sa mga ari-arian ng sambahayan ng Diyos, hindi nila pinipigilan o pinangangasiwaan ang mga ito, wala silang sinasabing anuman o ginagawang anumang gawain. Kahindik-hindik ang mga gayong tao! Sila ang pinakakasuklam-suklam na uri ng mga huwad na lider; hindi na sila matutubos! Bakit Ko sinasabi na hindi na sila matutubos? Hindi dahil mahina ang kakayahan nila o hindi nila maarok ang mga salita ng Diyos—may partikular silang abilidad na makaarok at kapabilidad sa gawain, pero kapag natutuklasan nilang may gumagambala at gumugulo sa gawain ng iglesia, hindi nila ito pinangangasiwaan o nilulutas. Labag sa loob lang nilang ginagawa ang kaunti sa gawaing ito kapag nahaharap sila sa mahigpit na pangangasiwa at madalas na pagtatanong ng mga nakatataas na lider nila, o kapag pinupungusan sila. Ginagawa man nila o hindi ang gawaing ito, o paano man nila ito ginagawa, ang pinakaunang priyoridad nila ay ang protektahan ang sarili nila. Hindi talaga nila tinutupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Maliban sa pagprotekta sa sarili nila at pangangalaga sa mga sarili nilang interes, wala silang ginagawang mahalagang gawain, at gumagawa lang sila ng kaunting mababaw na gawain na wala silang ibang pagpipilian kundi gawin. Maliban sa pagprotekta sa sarili nila, wala silang pakialam sa iba pang bagay. Hindi ba't mas tuso at mas mapanlinlang sila kaysa sa soro? Sinasabi ng ilang tao, "Likas sa soro na kumain ng maliliit na hayop, kaya hindi ba't likas din sa mga huwad na lider na protektahan ang sarili nila?" Likas ba ito? Kalikasan nila ito! Pinoprotektahan ng mga huwad na lider na ito ang sarili nilang

katayuan, reputasyon, at dangal, pinapanatili ang ugnayan sa mga tao, at iniiwasang makapagpasama ng loob ng kahit sino, sa kapahamakan ng mga interes ng sambahayan ng Diyos at kapinsalaan ng gawain ng iglesia. Ni hindi nila personal na pinangangasiwaan ang pagtatanggal o pagbabago ng mga tauhan, sa halip ay itinatalaga nila ang iba na gawin ang mga ito para sa kanila. Iniisip nila, “Kung maghihiganti ang taong iyon, hindi ako ang pupuntiryahin niya. Kailangan ko munang protektahan ang sarili ko sa anumang sitwasyon na kinakaharap ko.” Masyadong tuso ang mga taong ito! Bilang isang lider, hindi mo man lang kayang akuin ang responsabilidad na ito, kaya karapat-dapat ka bang maging isang lider? Isa ka lang walang silbing duwag! Kung wala ka ng ganitong kaunting tapang, isa ka pa rin bang mananampalataya sa Diyos? Mga tagasunod ba ng Diyos ang mga tao na gumagamit ng panlalansi para iwasan ang mga responsabilidad nila sa paggawa ng mga tungkulin nila? Ayaw ng Diyos sa mga gayong tao. Ang mga huwad na lider na ito ay kasintuso at kasingmapanlinlang ng mga soro. Kapag nakikita nila na may nagdudulot ng paggambala o panggugulo, hindi nila ito pinapangasiwaan o nilulutas—hindi lang talaga sila gumagawa ng aktuwal na gawain. Paano man sila ilantad at pungusan, hindi sila kumikilos. Dahil hindi mo tinutupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, bakit mo inookupa ang posisyong iyon? Para ba maging bahagi ka ng dekorasyon? Para ba magpasasa ka sa mga pakinabang ng katayuan? Hindi ka kalipikado para doon! Ayaw gumawa ng aktuwal na gawain pero gustong hangaan at idolohin ka ng mga kapatid—hindi ba’t ito ang mentalidad ng isang diyablo? Napakawalang-kahihiyan nito! Sinasabi ng ilang tao na ayaw na ayaw nilang maging lider. Kung gayon, bakit mo pinapanatili ang reputasyon at katayuan mo? Ano ang balak mo sa panlilihis sa mga tao? Kung ayaw mong maging isang lider, puwede ka namang magbitiw nang kusa. Bakit hindi ka nagbibitiw? Bakit mo inookupa ang posisyong iyon at hindi ka nagbibitiw? Kung ayaw mong magbitiw, dapat na masipag kang gumawa ng kaunting aktuwal na gawain. Wala nang ibang pagpipilian—ito ang responsabilidad mo. Kung hindi mo kayang gumawa ng aktuwal na gawain, pinakamainam nang umako ka ng pananagutan at magbitiw; hindi mo dapat maantala ang gawain ng iglesia, o mapinsala ang hinirang na mga tao ng Diyos. Kung wala ka ng kahit kaunting konsensiya at katwirang ito, may anumang pagkatao ka pa rin ba? Hindi ka karapat-dapat na tawaging tao! Kaya man nilang maging lider o manggagawa, ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay karapat-dapat lang na tawaging tao kung mayroon silang kahit kaunting konsensiya at katwiran.

Para maging isang lider o manggagawa, kinakailangang may taglay ang isang tao ng partikular na antas ng kakayahan. Ang kakayahan ng isang tao ang nagtatakda ng kapabilidad niya sa gawain at kung gaano niya naaarok ang mga katotohanang prinsipyo. Kung medyo kulang ang kakayahan mo at hindi sapat ang lalim ng pagkaarok mo sa katotohanan, pero nagagawa mong isagawa ang kaya mong maunawaan, at kaya mong isagawa ang nauunawaan mo, at sa puso mo ay dalisay at matapat ka, at hindi ka nagpapakana para sa sarili mong kapakinabangan o naghahangad ng kasikatan,

pakinabang, at katayuan, at kaya mong tanggapin ang pagsisiyasat ng Diyos, ikaw ay isang tamang tao. Gayumpaman, hindi taglay ng mga huwad na lider ang mga katangiang ito. Wala silang pakialam sa iba't ibang problema ng mga paggambala at panggugulo na lumilitaw sa iglesia; kahit na napapansin nila ang mga problemang ito, hindi nila pinapansin ang mga ito. Kung tatanungin kung alam ba nila ang sitwasyon, sasabihin nila, "Tingin ko, may kaunti akong nalalaman tungkol dito, pero hindi lahat." Nangyari ito sa mismong harapan mo—bakit mo sinasabing hindi mo alam ang tungkol dito? Hindi ba't sinusubukan mong lansihin ang mga tao? Dahil alam mo naman ang tungkol dito, napag-isipan mo na ba kung paano ito pangasiwaan? May ginawa ka na bang anumang gawain? Sinubukan mo na bang makaisip ng anumang solusyon? Ang sagot nila, "Mas mahusay ang kakayahan ng taong iyon kaysa sa akin, at mahusay at magaling siyang magsalita; hindi ako maglalakas-loob na makialam sa kanya. Paano kung pangasiwaan ko ang isang bagay na hindi naman talaga problema at mapasama ko ang loob niya? Magiging mahirap ang gawain ko pagkatapos niyon!" Dahil hindi ka naglalakas-loob, isa kang walang silbing duwag at nagpapabaya ka sa mga responsabilidad mo, at hindi ka karapat-dapat na maging isang lider! Kapag nahaharap ka sa ganitong uri ng sitwasyon, alam mo ba kung paano ito pangasiwaan? Sinasabi nila, "Kahit na alam ko kung paano ito pangasiwaan, hindi ako maglalakas-loob. Hindi ba't gawain na iyon ng ang Itaas? At nariyan din ang grupo ng mga tagapagpasya. Paanong sa akin napupunta ang gampaning ito?" Dahil nakita mo ito at alam mo ang tungkol dito, dapat mong pangasiwaan ang sitwasyong ito. Kung masyadong mababa ang tayog mo at hindi mo kayang harapin ang isyung ito, nasabi mo na ba sa mga nakatataas sa iyo ang tungkol sa problema? Iniulat mo na ba ito? Nagawa mo na ba ang sakop ng mga responsabilidad mo at ang gawaing nasa saklaw mo? Tinupad mo man lang ba ang anumang responsabilidad mo? Hinding-hindi! Sa puso nila, alam na alam nila: "Alam ko ang tungkol sa isyung ito, pero hindi ako kumilos. Nakokonsensiya ako! Dapat ay iniulat ko ang usaping iyon pero hindi ko ginawa. Pero hindi rin naman ito ginawa ng ibang tao—ano ang kinalaman nito sa akin?" Ang ibang tao ba ay mga lider din? Kung ginawa man ito ng iba o hindi, usapin na nila iyon—bakit hindi mo ito ginawa? Kung hindi ito ginawa ng ibang tao, ibig bang sabihin ay hindi mo ito kailangang gawin? Ito ba ang katotohanan? Kahit na ginawa ito ng ibang tao, puwede ba itong maging kapalit sa paggawa mo nito? Ang ginagawa mo ay sarili mong usapin. Natupad mo ba ang mga responsabilidad at obligasyon mo? Kung hindi, pabaya ka sa mga responsabilidad mo, hindi ka kalipikado na maging lider, at dapat kang tumanggap ng pananagutan at magbitiw. Wala kang pagpapahalaga sa kung paano ka itinaas, hindi ka karapat-dapat sa tiwala ng mga kapatid, hindi ka karapat-dapat sa tiwala ng sambahayan ng Diyos, at lalong hindi ka karapat-dapat sa pagtataas ng Diyos. Isa kang miserableng tao na walang puso. Ang ikatlong uri ng huwad na lider ay may problema sa karakter niya. Anuman ang kalagayan ng mga personal niyang paghahangad at buhay pagpasok, batay lang sa katunayan na sa panahon ng panunungkulan niya ay wala siyang ginagawang aktuwal na gawain,

hindi niya ibinabalik ang anumang kawalan para sa iglesia, at tiyak na hindi niya agarang napipigilan o napangangasiwaan ang masasamang gawa ng masasamang tao, bukod sa may problema sa mahinang kakayahan at problema sa hindi paggawa ng aktuwal na gawain ang ganitong uri ng tao, higit sa lahat, wala siyang pagkatao. Bulok na bulok ang konsensiya niya, at wala siyang anumang katwiran. Sa pangkaraniwang wika, lubos na imoral siya; sukdulan ang pagkamakasarili at pagkakasuklam-suklam niya, at hindi siya mapagkakatiwalaan. Sa tatlong uri ng mga tao na hinimay natin, ang pagkatao ng ganitong uri ng tao ang pinakamalubha. Ang naunang dalawang uri ng tao ay may mahinang kakayahan, hindi nila kayang gumawa ng gawain, at hindi nila natutugunan ang mga prinsipyo at pamantayan ng sambahayan ng Diyos para sa paglilinang at pag-aangat ng mga tao, kaya hindi sila puwedeng linangin o gamitin. Napakahina ng kakayahan nila, bulag at manhid sila, at halos mga patay na tao na sila—hindi sila karapat-dapat na ilantad at himayin. Ang ikatlong uri ng tao ang pinakaubod ng sama. Sukdulan ang pagiging kasuklam-suklam niya sa usapin ng pagkatao niya, at inilarawan natin ang uri na ito bilang tuso at mapanlinlang. Mas tuso pa ang mga taong ito kaysa sa mga soro. Wala silang ginagawang aktuwal na gawain pero marami silang palusot at panatag na panatag sila. Paano man ginugulo ng masasamang tao at mga anticristo ang gawain ng iglesia, hindi sila nababalisa o nag-aalala tungkol dito at gusto pa rin nilang magpatuloy bilang lider. Bakit ba sila sobrang nahuhumaling sa kapangyarihan? Sinasabi ng mga lider na ito, “Nagsusumikap ang tao na umangat; dumadaloy ang tubig pababa. Lahat ay nagmamahal sa kapangyarihan!” Ayaw nilang gumawa ng anumang aktuwal na gawain pero gusto pa rin nilang kumapit sa posisyon nila at tamasahin ang mga pakinabang ng katayuan nila. Anong klaseng miserableng tao ito? Sila ay walang iba kundi mga kauri ni Satanas, hinding-hindi sila mabuti.

Pinagbahaginan natin ngayon ang tatlong punto tungkol sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang mga huwad na lider na hinimay natin sa ikalabindalawang responsabilidad ay halos pareho sa mga huwad na lider na inilantad natin noon. Bagama’t tatlong punto ang hinimay natin, pangunahing tinatalakay ng mga ito ang dalawang problema: Ang una ay na mahina ang kakayahan nila at hindi nila kayang gumawa ng aktuwal na gawain; ang isa pa ay na ang pagkatao nila ay ubod ng sama, kasuklam-suklam, tuso, at mapanlinlang, at hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain. Ito ang mga pangunahin, kaibuturang problema ng mga huwad na lider. Hangga’t ang isang tao ay may isa sa dalawang problemang ito, isa siyang huwad na lider. Walang duda rito.

Setyembre 4, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (21)

Paano Tukuyin ang mga Anticristo Mula sa mga Taong May Disposisyon ng mga Anticristo

Pagtutukoy sa Kanila Batay sa mga Saloobin Nila sa Katotohanan

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahagi tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Bago pormal na simulan ang pagbabahaginan, magbalik-aral tayo sa isa sa mga paksa tungkol sa mga anticristo na naibahagi noong nakaraan: paano tukuyin ang mga tao na may disposisyon ng mga anticristo mula sa mga taong may diwa ng mga anticristo, at ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang uri ng mga taong ito. Una, pagbabahaginan natin kung paano kilatisin ang mga anticristo; hindi ito sobrang mahirap. Una sa lahat, dapat malinaw mong makita kung ano ang mga halata at natatanging pagpapamalas na ipinapakita ng mga anticristo, para matukoy mo agad ang isang tunay na anticristo, matukoy na siya ay tiyak na hindi isang taong may disposisyon lang ng mga anticristo o isang taong lumalakad sa landas ng mga anticristo. Sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng pagkilatis sa mga anticristo at hindi ka na nila malilihis, masisilo, at makokontrol. Ngayon, ang pinakamahalagang bagay ay ang matukoy ang mga halatang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong may kalikasang diwa ng mga anticristo at ng mga may disposisyon ng mga anticristo. Para makilatis ang dalawang uri ng mga taong ito, dapat mo munang arukin ang mga pangunahin nilang katangian. Naaarok lang ng ilang tao ang mga pagbubunyag ng katiwalian ng mga anticristo sa pang-araw-araw na buhay, tulad ng mga tendensiya nilang igiit ang katayuan nila at sermunan ang iba, pero hindi makilatis ng mga taong ito ang kalikasang diwa ng mga anticristo. Ayos lang ba ito? (Hindi.) May mga nagsasabi rin na ang mga pinakaprominenteng pagpapamalas ng mga anticristo ay ang kanilang kayabangan at kapalaluan, at inilalarawan nila ang lahat ng mayabang at palalong tao bilang mga anticristo. Tama ba ito? (Hindi.) Bakit hindi ito tama? Dahil ang kayabangan at kapalaluan ay hindi ang mga pinakaprominenteng pagpapamalas ng mga anticristo; ang mga ito ay mga tiwaling disposisyon na mayroon ang lahat ng tiwaling tao. Ang lahat ng tao ay may mayabang at palalong disposisyon, kaya isang malaking pagkakamali na ilarawan ang lahat ng mayabang at palalong tao bilang mga anticristo. Kaya, anong mga pagpapamalas ang mahahalagang pagpapamalas ng mga anticristo, na makapagpapalinaw agad sa mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo, at makakapagbigay-kakayahan sa isang tao na makilatis na magkaiba ang mga diwa ng dalawang uri ng mga taong ito, at na dapat tratuhin nang magkaiba ang gayong mga tao? Sa mga partikular na aspekto, tulad ng mga kilos, pag-uugali, at disposisyon, may mga pagkakatulad at pagkakahawig ba ang dalawang uri ng mga taong ito? (Mayroon.) Kung hindi mo pagmamasdang mabuti, tutukuyin nang

seryoso, o kung wala ka sa puso mo ng tumpak na pagkaunawa at pagkilatis sa disposisyon at diwa ng dalawang uri ng mga taong ito, napakadaling tratuhin ang mga ito na parang sila ay magkaparehong uri. Baka nga mapagkamalan mo pa na isang taong may disposisyon ng mga anticristo ang isang anticristo o na isang anticristo ang isang taong may disposisyon ng mga anticristo, ibig sabihin, madaling makagawa ng ganitong uri ng mga maling paghusga. Kaya, ano ang mga pangunahing katangian at pagkakaiba sa pagitan ng dalawang uri ng mga taong ito na magbibigay-kakayahan sa isang tao na tukuyin nang may matibay na ebidensiya kung sino ang anticristo at sino ang taong may disposisyon ng mga anticristo? Dapat maging pamilyar kayo sa paksang ito, kaya pakinggan natin ang mga ideya ninyo. (Ang isang aspektong ginagamit para tukuyin ang mga anticristo mula sa mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay sa pamamagitan ng saloobin nila sa katotohanan; ang isa pa ay sa pamamagitan ng pagkatao nila. Sa saloobin nila sa katotohanan, namumuhi ang mga anticristo sa katotohanan at hinding-hindi nila ito tinatanggap. Kahit gaano karaming masamang gawa ang ginagawa nila na nagdudulot ng mga pagkagambala at kaguluhan, at paano ka man makipagbahaginan sa kanila o paano mo man sila pungusan, hindi nila ito kinikilala at matigas silang tumatangging magsisi. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay puwede ring makagawa ng mga maling bagay kapag hindi nila nauunawaan ang katotohanan o kapag hindi nila naaarok ang mga prinsipyo, pero kapag pinupungusan sila, kaya nilang tanggapin ang katotohanan, pagnilayan at kilalanin ang sarili nila, at kaya nilang makaramdam ng pagsisisi at magbago. Mula sa perspektiba ng saloobin nila sa katotohanan, ang diwa ng mga anticristo ay na namumuhi sila sa katotohanan, habang ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay kayang tanggapin ang katotohanan. Mula sa perspektiba ng pagkatao nila, ang mga anticristo ay masasamang tao na walang pakiramdam ng konsensiya o pakiramdam ng kahihiyan, samantala, ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay may pakiramdam ng konsensiya at pakiramdam ng kahihiyan.) Dalawang katangian ang nabanggit mo; napagbahaginan na ba dati ang nilalamang ito? Itinuturing ba ang mga ito na mga halatang katangian? (Oo.) Ganap na magkaiba ang mga saloobin sa katotohanan ng mga anticristo at ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo. Isa itong napakahalagang punto, at isa itong pagpapamalas na may mga halatang katangian. Tutol sa katotohanan ang mga anticristo at hinding-hindi nila ito tinatanggap. Mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa aminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Gaano ka man makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, sa loob-loob nila ay nilalabanan nila ito at tutol sila rito. Maaaring sa loob-loob nila ay sumpain, kutyain, at kasuklaman ka pa nila, tinatrato ka nang may paghamak. Mapanlaban ang mga anticristo sa katotohanan; isa itong halatang katangian. At ano ang mga katangian ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo? Para maging tumpak at obhetibo, ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo pero may kaunting konsensiya at katwiran ay kayang baguhin ang mga kuru-kuro nila at tanggapin ang katotohanan sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan sa kanila ng iba tungkol sa

katotohanan. Kung pupungusan sila, magagawa rin nilang magpasakop. Ibig sabihin, hangga't ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay sinserong nananampalataya sa Diyos, karamihan sa kanila ay kayang tanggapin ang katotohanan sa magkakaibang antas. Sa pagbubuod, ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay kayang tanggapin ang katotohanan at magpasakop sa pamamagitan ng gayong mga pamamaraan tulad ng pagbabasa nila mismo ng mga salita ng Diyos, pagtanggap sa pagdidisiplina at pagliliwanag ng Diyos, o sa pagpupungos, pagtulong, at pagsuporta ng mga kapatid. Isa itong halatang katangian. Gayumpaman, naiiba ang mga anticristo. Sinuman ang makipagbahaginan sa katotohanan, hindi sila nakikinig o nagpapasakop. May iisa lang silang saloobin: Mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa tanggapin ang katotohanan. Paano mo man sila pungusan, wala itong silbi. Kahit na malinaw kang makipagbahaginan sa katotohanan sa abot ng makakaya mo, hindi nila ito tinatanggap; sa loob-loob nila ay nilalabanan pa nga nila ito at tutol sila rito. Makakapagpasakop ba sa Diyos ang isang taong may gayong disposisyon na namumuhi sa katotohanan? Tiyak na hindi. Samakatwid, ang mga anticristo ay mga kaaway ng Diyos, at sila ay mga taong hindi na matutubos.

Pagtutukoy sa Kanila Batay sa Pagkatao Nila

Kanina lang, nabanggit din ninyo ang isa pang katangian para sa pagtutukoy sa mga anticristo mula sa mga taong may disposisyon ng mga anticristo, na mula sa perspektiba ng pagkatao. Sino ang gustong makipagbahaginan nang kaunti pa tungkol sa katangiang ito? (Ang mga anticristo ay may partikular na mapaminsalang pagkatao; kaya nilang supilin at pahirapan ang mga tao, at gaano man karaming kasamaan ang gawin nila, hindi sila marunong magsisi.) Tama iyan, ang pangunahing katangian ng mga anticristo ay ang kanilang mapaminsalang pagkatao, kawalan ng kahihiyan, at kawalan ng konsensiya at katwiran. Gaano man karaming masasamang gawa ang gawin nila sa iglesia o gaano man kalaking pinsala ang idinudulot nila sa gawain ng iglesia, hindi nila iniisip na kahiya-hiya ito, ni hindi nila nakikita ang sarili nila bilang makasalanan. Inilalantad man sila ng sambahayan ng Diyos o pinupungusan man sila ng mga kapatid, hindi sila nababagabag, at hindi nila nararamdaman na sinasaway sila o hindi sila nadidismaya. Ito ang pagpapamalas ng mga anticristo sa usapin ng pagkatao. Ang pangunahin nilang mga katangian ay ang kawalan ng konsensiya at katwiran, at kawalan ng kahihiyan, at sukdulang malupit na disposisyon. Hinuhusgahan at pinapahirapan nila ang sinumang kumakanti sa mga interes nila, at napakatindi ng pagnanais nila na maghiganti, wala silang pinapalampas, maski ang sarili nilang mga kamag-anak. Ganito kalupit ang mga anticristo. Sa kabilang banda, ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo, kahit gaano kalaki ang katiwaliang ibinubunyag nila, ay hindi naman awtomatikong masasamang tao. Anuman ang kanilang mga pagkukulang o kahinaan sa pagkatao nila, anumang mga pagkakamali ang maaari nilang gawin, o sa anumang aspekto sila maaaring mabigo at madapa, kaya nilang pagnilayan ang sarili nila at matuto ng mga aral pagkatapos. Kapag nahaharap sila sa pagpupungos, kaya nilang aminin ang mga

pagkakamali nila at makaramdam ng pagsisisi; at kapag pinupuna at inilalantad sila ng mga kapatid—kahit na subukan nilang ipagtanggol nang kaunti ang sarili nila at maging hindi sila handang kilalanin ito sa oras na iyon—ang totoo, kinilala na nila ang pagkakamali nila sa kanilang puso at nagpasakop na. Pinapatunayan nito na kaya pa rin nilang tanggapin ang katotohanan at puwede pa rin silang magbago. Kapag nakakagawa sila ng mga pagkakamali o kapag nahaharap sila sa anumang problema, gumagana pa rin ang konsensiya at katwiran nila; may kamalayan sila, hindi sila manhid o walang pakiramdam, o matigas ang kalooban at tumatangging aminin ang mga bagay. Dagdag pa rito, bagama't ang ganitong uri ng tao ay may disposisyon ng mga anticristo, medyo may empatiya siya at medyo mas mabait siya. Kapag nahaharap siya sa iba't ibang usapin, ang katangiang ipinapakita niya sa usapin ng pagkatao ay mailalarawan—sa pinakaangkop at madaling maunawaang paraan—bilang medyo makatwiran. Kung mahigpit na mapungusan, sa pinakamalala ay puwede siyang makaramdam ng kaunting sama ng loob sa puso niya, pero kung titingnan ito mula sa pagpapamalas ng pagkatao niya, makikita na marunong pa rin siyang mahiya, na nasusumbatan pa rin siya ng konsensiya niya, at na may partikular na mapagpigil na epekto ang katwiran niya. Kung nagdudulot siya ng mga kawalan sa mga interes ng sambahayan ng Diyos o nagdudulot ng pinsala sa sinumang kapatid, palagi siyang nababagabag sa loob-loob niya at pakiramdam niya ay nabigo niya ang Diyos. Ang mga pagpapamalas na ito ay nabubunyag sa magkakaibang antas ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo. Kahit na hindi sila agad na bumawi o gumawa ng mga tamang pagpili at magsagawa nang tama pagkatapos mangyari ang mga bagay-bagay, ang mga taong ito ay may pakiramdam pa rin ng kamalayan sa puso nila. Sinusumbatan sila ng konsensiya nila; alam nilang mali ang ginawa nila at na hindi sila dapat kumilos uli nang ganoon, at nararamdaman din nila na hindi sila mabuting tao—nang hindi masyadong pansin, maaari silang magkaroon ng lahat ng damdaming ito. Dagdag pa rito, sa paglipas ng panahon, magbabago ang kalagayan nila, at magkakaroon sila ng tunay na pagbabago. Makakaramdam sila ng matinding pagsisisi, nanghihinayang na hindi sila gumawa ng mga tamang pagpili o nagsagawa nang tama sa umpisa. Ang mga pagpapamalas na ito ang mismong mga pinakakaraniwan at pinakaordinaryong pagpapamalas ng mga tiwaling tao. Gayumpaman, iyong mga anticristo ay natatangi; hindi sila mga tao kundi mga diyablo. Kahit gaano katagal na panahon ang lumipas matapos nilang makagawa ng kasamaan o magkasala, hindi man lang sila nagsisisi; nananatiling matigas ang ulo nila, at nagpupumilit sila hanggang sa huli. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay kayang magpasakop kapag nahaharap sila sa ordinaryong pagpupungos. Kapag nahaharap naman sa mahigpit na pagpupungos, maaari silang makipagtalo, maaaring ikaila nila ang mga bagay, at tumangging tanggapin ito sa oras na iyon, pero kalaunan ay nagagawa nilang pagnilayan at kilalanin ang sarili nila, at nakakaramdam sila ng pagsisisi at nagbabago sila. Kahit na may mangutya at manghusga sa kanila na wala silang pagkatao, maaaring masaktan ang puso nila pero hindi sila lalaban o hindi nila

tatratuhin ang taong iyon bilang isang kaaway. Kaya rin nilang maunawaan ang taong iyon, iniisip nila, “Sarili ko lang ang masisisi ko sa paggawa ng pagkakamaling iyon; paano man ako tratuhin ng iba ay hindi hihigit sa nararapat sa akin.” Ang mga pagpapamalas na ito ay nabubunyag sa magkakaibang antas sa iba’t ibang tao. Sa madaling salita, ang mga pagbubunyag na ito ay ang mga normal at natural na pagpapamalas ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo, ng mga taong may mga tiwaling disposisyon, at dito sila malinaw na naiiba sa mga anticristo. Sa pamamagitan ng iba’t ibang pagpapamalas ng dalawang kalagayang ito, nagiging malinaw kaagad kung sino bang mga indibidwal ang masasamang tao at mga anticristo, at kung sinong mga tao ang may disposisyon lang ng mga anticristo pero hindi masasamang tao.

Pagtutukoy sa Kanila Batay sa Kung Tunay Ba Silang Nagsisisi o Hindi

Kakabanggit lang ng dalawang aspekto ng mga pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo: Ang unang aspekto ay ang saloobin nila sa katotohanan; ang saloobin ng mga tao sa katotohanan ay ang saloobin nila sa Diyos. Sa aspektong ito, may malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang uri ng mga taong ito. Ikalawa, sa usapin ng pagkatao, may malinaw ring mahalagang pagkakaiba ang dalawang uri ng mga taong ito. Halatang-halata ang dalawang katangiang ito; ganap silang magkaibang uri ng mga tao. Maliban sa dalawang pagkakaibang ito, ang isa pang aspekto ay kung mayroon bang anumang pagpapamalas ng pagsisisi pagkatapos na gumawa ng kasamaan. Sa kaso ng mga anticristo, anumang masamang gawa ang ginagawa nila—pinapahirapan man nila ang mga tao, nagtatatag man sila ng mga nagsasariling kaharian, nakikipag-agawan sa Diyos para sa katayuan, nagnanakaw ng mga handog, o iba pa—kahit na direkta silang malantad, hindi nila inaamin ang mga gawang ito. Kung hindi nila aaminin ang mga gawang ito, magagawa ba nilang magsisi? Mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa magsisi. Hindi nila tinatanggap ang mga katunayan ng masasamang gawa nila. Kahit na mapagtanto nila na lubos na tumpak ang paglalantad sa kanila, nilalabanan at kinokontra nila ito. Hinding-hindi sila magninilay sa kung nasa maling landas ba sila, o hindi nila sasabihin, “Inilalarawan ako bilang isang anticristo. Napakamapanganib nito, at kailangan kong magsisi.” Tiyak na wala silang ganitong mga uri ng pag-iisip sa isipan nila. Walang ganitong mga katangian ang pagkatao nila. Samakatwid, may halatang katangian ang mga anticristo: Kahit ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos, hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan at wala silang ipinapakitang tunay na pagbabago. Noong una silang magsimulang manampalataya sa Diyos, gusto nilang mamukod-tangi sa karamihan, makipag-agawan para sa kapangyarihan at pakinabang, pahirapan ang mga tao, at bumuo ng mga paksiyon at hatiin ang iglesia. Ang layon nila sa pagsubok na humawak ng kapangyarihan ay ang maging palamunin ng iglesia at magtatag ng nagsasariling kaharian. Matapos manampalataya sa loob ng tatlo o limang taon, kapag nakita mo silang muli, ipinapakita pa rin nila ang mga parehong pagpapamalas at

katangiang ito nang walang anumang pagbabago. Kahit matapos ang walo o sampung taon, hindi sila nagbabago. Sinasabi ng ilang tao, “Marahil ay magbabago sila matapos ang 20 taon ng pananampalataya!” Kaya ba nilang magbago? (Hindi.) Hindi sila magbabago. Ipinapakita nila ang mga parehong pagpapamalas na ito nakikisalamuha man sila sa ilang indibidwal o sa karamihan, gumagawa man sila ng mga ordinaryong tungkulin o kumikilos bilang mga lider o manggagawa. Hindi sila kailanman nagsisisi o nagbabago, nagpapatuloy sila sa parehong landas hanggang sa huli. Hinding-hindi sila magsisisi. Ganito ang mga anticristo. Tungkol naman sa mga taong may disposisyon ng mga anticristo, kahit na ang ilan ay hindi masasamang tao, may mga tiwaling disposisyon din sila. Nagbubunyag sila ng kayabangan, pagkamapanlinlang, pagkamakasarili, pagiging mababa, at iba pang uri ng katiwalian. Nagpapakita rin sila ng mababang pagkatao. Noong una silang magsimulang manampalataya sa Diyos, gusto rin nilang makipag-agawan para sa kasikatan at pakinabang, mamukod-tangi para makuha ang paghanga ng mga tao, at may mga ambisyon at pagnanais sila na maging mga lider at humawak ng kapangyarihan. Ang mga pagpapamalas na ito ay umiiral sa magkakaibang antas sa mga tiwaling tao at hindi masyadong naiiba sa mga anticristo. Gayumpaman, sa proseso ng pananampalataya sa Diyos, nauunawaan nila ang ilang katotohanan sa pamamagitan ng pagdanas ng paghatol at paglalantad ng mga salita ng Diyos, at nababawasan nang nababawasan ang pagbubunyag nila sa mga tiwaling disposisyong ito. Bakit nababawasan nang nababawasan ang pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyong ito? Dahil pagkatapos maunawaan ang katotohanan, napagtatanto nila na ang mga pag-uugali at pagpapamalas na ito ay mga pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon. Sa puntong ito lang nagkakaroon ng kamalayan ang konsensiya nila, at nakikita nilang malalim ang pagkatiwali nila at na wala nga talaga silang wangis ng isang tao. Pagkatapos, nagiging handa na silang hangarin ang katotohanan at pinag-iisipan nila kung paano iwaksi ang mga tiwaling disposisyong ito, at kung paano sila makakalaya mula sa pagkakagapos ng mga ito, at maging isang taong naghahangad at nagsasagawa sa katotohanan. Ano ang pagpapamalas na ito? Hindi ba’t ito ay unti-unting pagsisisi? (Oo.) Sa proseso ng pagdanas sa gawain ng Diyos, natutuklasan nila ang sarili nilang mga problema, natutukoy nila ang mga tiwali nilang disposisyon, at nauunawaan nila ang iba’t iba nilang kalagayan. Nauunawaan din nila ang pagkataong diwa nila, at mas lumalakas ang kamalayan ng konsensiya nila; mas nararamdaman nila na labis silang tiwali at hindi sila angkop sa paggamit ng Diyos at na karapat-dapat sila sa pagkasuklam ng Diyos, at napopoot sila sa sarili nila sa loob-loob. Nang hindi namamalayan, unti-unti silang nagsisisi sa kaibuturan ng puso nila, at dahil sa pagsisising ito, nagaganap ang ilang maliit na pagbabago, maliliit na pagbabago na makikita sa pag-uugali nila. Halimbawa, noong una, kapag may naglalantad ng mga problema nila, naghihinanakit sila, nagagalit sila dahil sa kahihiyan, at sinusubukan nilang magpaliwanag at pangatwiranan ang sarili nila, nagsisikap sila nang husto para makahanap ng iba’t ibang palusot at dahilan para ipagtanggol ang sarili nila. Gayumpaman, sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na mga

karanasan, napagtatanto nila na mali ang pag-uugaling ito at nagsisimula silang baguhin ang kalagayan at pag-uugaling ito, nagsisikap silang tanggapin ang mga tamang pananaw, nagsisikap na makipagtulungan nang matiwasay sa iba. Kapag may mga nangyayari sa kanila, natututo silang maghanap at makipagbahaginan sa iba, at natututo silang makipag-usap nang mula sa puso at makasundo nang maayos ang iba. Mga pagpapamalas ba ang mga ito ng pagsisisi? (Oo.) Matapos manampalataya sa Diyos, unti-unti silang nagkakamit ng tunay na pagkaunawa sa ilang disposisyon, pag-uugali at pagpapamalas ng mga anticristo na ibinubunyag nila. Pagkatapos, unti-unti nilang iwinawaksi ang mga tiwaling disposisyon nila, at nagagawa nilang talikuran ang mga dati nilang maling gawi ng pamumuhay, at isinusuko nila ang paghahangad sa kasikatan at katayuan, at nagagawa nilang kumilos, umasal, at gumawa ng tungkulin nila nang ayon sa mga katotohanang prinsipyo. Paano nakakamit ang gayong pagbabago? Nakakamit ba ito sa pamamagitan ng pagtanggap sa katotohanan at patuloy na pagtutuwid sa sarili nila at pagsisisi? (Oo.) Ang lahat ng bagay na ito ay nakakamit sa proseso ng tuloy-tuloy na pagbabago. Pagkatapos, tiyak na umuunlad ang kalagayan nila, lumalago rin ang tayog nila habang lumalalim ang mga karanasan nila, at kapag nangyayari ang mga bagay sa kanila, nagagawa nilang pagnilayan ang sarili nila. Nahaharap man sila sa mga problema o pagkabigo, o pinupungusan man sila, dinadala nila ang mga usaping ito sa harap ng Diyos at nagdarasal sila sa Kanya, at nagagawa rin nilang iugnay, himayin, at unawain ang tiwali nilang kalagayan habang binabasa ang mga salita ng Diyos. Bagama't maaaring magbunyag pa rin sila ng katiwalian at makabuo ng mga maling kaisipan kapag may mga nangyayari sa kanila, nagagawa nilang magnilay at maghimagsik laban sa sarili nila. Hangga't namamalayan nila ang mga usaping ito, nagagawa nilang patuloy na hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga ito at magsagawa ng pagsisisi. Bagama't napakabagal ng pag-usad na ito, at kakaunti ang mga resulta, patuloy silang nagbabago sa kaibuturan ng puso nila. Ang ganitong uri ng mga tao ay palaging nagpapanatili ng aktibo, positibo, ganadong saloobin at kalagayan ng pagtutuwid sa sarili nila at pagsisisi. Bagama't minsan ay nakikipag-agawan sila sa iba para sa kasikatan at katayuan at nagbubunyag sila ng ilang pagpapamalas at kilos ng mga anticristo sa magkakaibang antas, matapos maranasan ang ilang pagpupungos, paghatol, at pagkastigo, o pagdidisiplina ng Diyos, ang mga tiwaling disposisyong ito ay naiwawaksi at nababago sa magkakaibang antas. Ang pinakaugat ng pagkakamit ng mga resultang ito ay na kaya ng ganitong uri ng tao, sa kaibuturan ng puso niya, na pagnilayan at unawain ang mga tiwaling disposisyon niya at ang mga maling landas na natahak niya, at kaya niyang ituwid ang sarili niya. Bagama't napakaliit ng mga pagbabago, paglago, at mga pakinabang mula sa pagtutuwid niya sa sarili, at napakabagal ng pag-usad, hanggang sa puntong kahit siya mismo ay hindi makapansin, pagkatapos ng tatlo hanggang limang taon ng gayong mga karanasan, nakakaramdam siya ng ilang pagbabago sa sarili niya, at nakikita rin ito ng mga nasa paligid niya. Ano't anuman, may pagkakaiba sa pagitan ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo at iyong mga anticristo. Ano ang pangunahing katangian

sa aspektong ito? (Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay nagagawang magsisi.) Kapag may ginagawa silang mali, kapag gumagawa sila ng pagsalangsang, o nahaharap sila sa pagpupungos, paghatol at pagkastigo, pagtutuwid o pagdidisiplina, kaya nilang magsisi. Kahit kapag napagtanto nila na may nagawa silang hindi wasto o nagkamali sila, kaya nilang pagnilayan ang sarili nila at magkaroon ng saloobin ng pagtutuwid sa sarili nila at pagsisisi sa puso nila. Isa itong natatanging pagkakaiba na ganap na nag-iiba sa mga taong may disposisyon ng mga anticristo mula sa mga anticristo.

Isang Pagbubuod sa mga Pagkakaiba sa Pagitan ng mga Anticristo at ng mga Taong May Disposisyon ng mga Anticristo

Mga buhay na Satanas ang mga anticristo. Masasabing namumuhay sila bilang mga Satanas; mga diyablo at mga Satanas sila na nakikita ng mga tao. Kaya, ibuod natin ang mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo. Ang isang aspekto ay ang saloobin nila sa katotohanan. Hinding-hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan. Bagama't kaya nilang aminin sa salita na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, at mga positibong bagay, at mga salitang kapaki-pakinabang sa mga tao, at ang pamantayan para sa lahat ng positibong bagay, at na ang mga tao ay dapat tanggapin, magpasakop at isagawa ang mga ito—bagama't kaya nilang sabihin ang lahat ng ito—hinding-hindi nila kayang isagawa ang mga salita ng Diyos. Bakit hindi nila isinasagawa ang mga ito? Dahil hindi nila tinatanggap ang katotohanan sa puso nila. Sinasabi ng bibig nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, pero para sa ganap na ibang motibo: Sinasabi nila ito para pagtakpan ang katunayang hindi nila tinatanggap ang katotohanan at para ilihis ang mga tao. Hindi dahil nakakapagsalita ang mga anticristo ng mga salita at doktrina ay nangangahulugan na itong kinikilala nila sa puso nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Hindi nila maisagawa ang katotohanan dahil pangunahing hindi nila tinatanggap ang katotohanan ng mga salita ng Diyos sa puso nila; ayaw nilang tanggapin ang katotohanan at isagawa ito para makapasok sa katotohanang realidad. Sa kabilang banda, ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay hindi awtomatikong mga anticristo. Sa magkakaibang antas, kaya ng ilan sa kanila na tumanggap at magpasakop sa katotohanan, at sa mga positibong bagay, at sa mga tamang salita—isang pagkakaiba ito. Ang mga taong may diwa ng mga anticristo ay mapanlaban sa katotohanan, at tinatalikuran nila ito, pero ang ilang tao na may disposisyon ng mga anticristo ay kayang tanggapin at isagawa ang katotohanan. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng ilang taon na pagdanas sa gawain ng Diyos, maaaring medyo magbago ang saloobin nila sa katotohanan. Nararamdaman nila sa kaibuturan ng puso nila na bagama't hindi nila ito kayang isagawa, ang katotohanan ay mabuti at tama. Sadyang hindi nila minamahal ang katotohanan o hindi sila masyadong interesado rito, kaya kailangan ng kaunting pagsisikap at paghihirap ang pagsasagawa nito. Kaya, ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo pero may kaunting konsensiya at katwiran

ay kayang tanggapin ang katotohanan sa magkakaibang antas. Sa pinakamababa, sa kaibuturan ng puso nila, hindi sila lumalaban o tumatanggi sa katotohanan, at hindi sila tutol sa katotohanan. Karamihan ng tao ay nasa ganitong uri ng kalagayan at nagpapakita ng ganitong uri ng pagpapamalas patungkol sa katotohanan. Ang ganitong paraan ng paglalarawan sa gayong mga tao ay hindi nakakapagpaganda ni nakakapagpasama sa kanila. Napaka-obhetibo nito, hindi ba? (Oo.) Ang isa pang aspekto ay ang tukuyin sila mula sa perspektiba ng pagkatao, ibig sabihin, tukuyin sila batay sa konsensiya, katwiran, at sa kabutihan o kasamaan ng pagkatao nila. Ang sinumang may masamang pagkatao, hindi tumatanggap sa katotohanan, at partikular na tutol sa katotohanan ay tiyak na isang hindi mananampalataya o isang anticristo. Ang ilang tao ay partikular na hindi nagmamahal sa katotohanan at hindi interesado rito. Kapag nagbabahagi ang iba tungkol sa katotohanan, inaantok sila at hindi mapakali. Gayumpaman, ang ganitong uri ng mga tao ay hindi masama ang pagkatao at hindi nila pinapahirapan ang iba. Kung magbabahagi ka tungkol sa mga layunin ng Diyos, sa mga katotohanang prinsipyo, o sa mga tuntunin ng sambahayan ng Diyos, kaya nilang makinig at handa silang tanggapin ang katotohanan at pagsumikapan ito, pero maaaring hindi tiyak na maisagawa nila ang katotohanan. Kung magiging lider sila, maaaring hindi ka nila maakay na maunawaan ang katotohanan o hindi ka nila madala sa harap ng Diyos, pero hinding-hindi ka nila pahihirapan. Ito ang pagkatao ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo. Ano't anuman, ang pagkatao ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay hindi ganoon kasama; kaya nilang tanggapin ang katotohanan sa magkakaibang antas. Sa kabaligtaran, bukod sa walang konsensiya at katwiran ang mga anticristo, sukdulan din ang kalupitan ng pagkatao nila. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay may pakiramdam ng konsensiya, at kaunting katwiran, at kaya nilang pangasiwaan ang ilang usapin nang makatwiran. Halimbawa, sa usapin ng kung paano mamili at kung kanino papanig sa pangangasiwa ng mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos, sa pangangasiwa sa iba't ibang tao sa iglesia, at sa pangangasiwa sa mga positibo at negatibong bagay, kaya nilang tukuyin ang mga ito at ang iba pang gayong mga usapin at sa huli, nagagawa nilang pumili nang tama batay sa konsensiya nila. Ang ganitong uri ng mga tao ay walang gayong masamang pagkatao at medyo mabuti ang puso nila. May isa pang pagkakaiba, isang pagkakaiba na kakatapos lang nating pagbahaginan, iyon ay na may ilang tao na may disposisyon ng mga anticristo na kayang tanggapin ang katotohanan, at kapag may nagagawa silang mali, nagagawa nila itong pagnilayan at nagkakaroon sila ng nagsisising puso. Sa kabaligtaran, hinding-hindi ipinapakita ng mga anticristo ang dalawang pagpapamalas na ito. Matigas ang ulo nila at hindi sila nagbabago dahil tutol sila sa katotohanan, hindi nila tinatanggap ang katotohanan, at sukdulan ang kalupitan ng pagkatao nila. Imposible para sa ganitong uri ng mga tao na ituwid ang sarili nila at magkamit ng pagsisisi. Kung magagawa man ng isang tao na tunay na magsisi ay pangunahing nakasalalay sa kung may konsensiya at katwiran siya, at sa saloobin niya sa katotohanan. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo, dahil wala silang masamang pagkatao, ay may

kaunting konsensiya at katwiran, at kaya nilang tumanggap ng ilang katotohanan sa magkakaibang antas, may potensiyal silang maituwid ang sarili nila. Kapag nakakagawa sila ng mga pagkakamali o ng mga pagsalangsang, nagagawa nilang magsisi matapos na mapungusan. Tinutukoy nito na ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay may pag-asang maligtas, samantalang ang mga anticristo ay hindi na matutubos; sila ay sa mga kauri ng mga diyablo at ni Satanas. Ang mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng mga anticristo at ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay ang ilang katangiang ito. Napaka-obhetibo ba ng pagbubuod na ito? (Oo.) Tungkol sa ilang katangiang ito ng mga anticristo, ang mga detalyadong pagpapamalas na pinagbahaginan natin ay obhetibo at naaayon sa mga katunayan, nang walang anumang elemento ng pagpapasama. Naranasan at nasaksihan ito ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos; sadyang ganito ang mga anticristo. Para naman sa mga tao na may disposisyon ng mga anticristo, inilantad din natin ang iba't ibang pagpapamalas, na kung saan lahat ay nakikita ng mga tao at tumutugma sa mga katunayan, nang walang anumang pagpapabango.

Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay maraming depekto at kapintasan sa pagkatao nila, at nagbubunyag din sila ng iba't ibang tiwaling disposisyon sa magkakaibang antas. Ang mga tiwaling disposisyong ito ay may ilang halatang natatanging pagpapamalas sa lahat ng tao. Halimbawa, ang ilang tao ay partikular na mayabang, ang ilan ay partikular na mapagkalkula at mapanlinlang, ang ilan ay partikular na matigas ang kalooban, ang ilan ay partikular na tamad, at iba pa. Ang mga pagpapahayag na ito ay ang mga pagpapamalas ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo, at ang mga ito ang mga katangian ng pagkatao ng gayong mga tao. Bagama't may kaunting kabutihan ang mga taong ito sa puso nila—sa madaling salita, medyo mabuti ang puso nila—kapag nahaharap sa mga usapin, malinaw nilang nakikita na napipinsala ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, pero dahil takot silang mapasama ang loob ng iba, nagiging tulad sila ng isang pagong na nagtatago sa talukab nito, namumuhay ayon sa pilosopiya ni Satanas at ayaw itaguyod ang mga katotohanang prinsipyo. Bagama't sa kaibuturan nila ay nararamdaman nila na hindi sila dapat kumilos sa ganitong paraan at na hindi nila tinatrato nang tama ang Diyos sa pagkilos nila sa ganitong paraan, hindi pa rin nila mapigilang piliing maging mapagpalugod ng mga tao. Bakit ganito? Dahil naniniwala sila na para mamuhay at manatiling buhay, dapat silang umasa sa pilosopiya ni Satanas, at sa ganitong paraan lang nila mapoprotektahan ang sarili nila. Samakatwid, pinipili nilang maging mapagpalugod ng mga tao at hindi nila isinasagawa ang katotohanan. Sa puso nila, nararamdaman nila na sa pamamagitan ng pagkilos sa ganitong paraan, wala silang konsensiya at walang pagkatao; hindi sila tao at mas masahol pa sila kaysa sa isang asong bantay. Gayumpaman, pagkatapos sawayin ang sarili nila, kapag nahaharap sila sa isa pang sitwasyon, hindi pa rin sila nagsisisi at ganoon pa rin ang ikinikilos nila. Palagi silang mahina at palagi silang nakokonsensiya. Ano ang pinapatunayan nito? Pinapatunayan nito na bagama't ang mga taong may

disposisyon ng mga anticristo ay hindi naman mismong mga anticristo, may mga problema at kakulangan nga ang pagkatao nila, kaya tiyak na nagbubunyag sila ng maraming katiwalian. Kung titingnan ang mga pangkalahatang pagpapamalas ng gayong tao, ganap na isa siyang taong nananatiling hindi nagbabago sa pagiging labis na natiwali ni Satanas; siya mismo ang tinutukoy ng Diyos bilang supling ni Satanas. Paano nagiging mas mabuti ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo kaysa sa mga anticristo? Para maging tumpak, bagama't ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo pero walang diwa ng mga anticristo ay nagbubunyag ng iba't ibang tiwaling disposisyon ni Satanas, tiyak na hindi sila masasamang tao. Ang sitwasyon nila ay katulad ng tipikal na sinasabi tungkol sa kung paanong ang isang tao ay hindi taksil at masama ni mabuting tao; sadyang sinsero siyang nananampalataya sa Diyos, handa siyang magsisi, at kaya niyang tanggapin ang katotohanan matapos na mapungusan, na may kaunting pagpapasakop. Bagama't hindi siya masamang tao at may pag-asa pa ring maligtas ng Diyos, malayo pa rin siya sa pamantayan ng pagkakaroon ng takot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaang binabanggit ng Diyos! Ang ilang tao ay tatlo hanggang limang taon nang nananampalataya sa Diyos at may ilan nang pagbabago at pag-usad. May ilang tao na walo hanggang sampung taon nang nananampalataya sa Diyos pero wala silang anumang pag-usad. Ang ilang tao pa nga ay 20 taon nang nananampalataya sa Diyos nang walang anumang malaking pagbabago; katulad pa rin sila ng dati. Matigas pa rin nilang pinanghahawakan ang mga kuru-kuro nila. Pero dahil nakarinig na sila ng mga salita ng Diyos at napipigilan sila ng iba't ibang tuntunin at regulasyon ng sambahayan ng Diyos, kaya wala silang nagawang malalaking pagkakamali, walang nagawang masasamang gawa na nagdulot ng malulubhang kawalan sa sambahayan ng Diyos, at hindi sila nagdulot ng malalaking sakuna. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay tiyak na hindi lahat maliligtas ng Diyos sa huli. Karamihan sa kanila ay malamang na mga trabahador, at ang ilan sa kanila ay tiyak na matitiwalag. Ano't anuman, bagama't hindi sila masasamang tao, sila ay mga taong may mababang pagkatao. Tiyak na hindi magiging pareho ang mga kalalabasan at hantungan nila. Lahat ng ito ay nakasalalay sa kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan at kung paano nila pinipili ang mga landas nila. Sinasabi ng ilang tao, "May kontradiksyon ang mga salita Mo. Hindi ba't sinabi Mo na kayang ituwid ng mga taong ito ang sarili nila at kaya nilang magsisi?" Ang ibig Kong sabihin ay na ang mga taong ito, sa mga partikular na konteksto at sa iba't ibang kapaligiran, ay kayang tanggapin ang katotohanan sa magkakaibang antas. Ano ang ibig sabihin ng "magkakaibang antas"? Ibig sabihin nito, may kaunting pagbabago ang ilang tao pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos sa loob ng tatlo hanggang limang taon, at malaking pagbabago naman sa loob ng 10 hanggang 20 taon. Ang ilang tao na 10 hanggang 20 taon nang nananampalataya sa Diyos ay pareho pa rin tulad noong nagsisimula pa lang silang manampalataya, palaging sumisigaw, "Dapat akong magsisi, dapat kong suklian ang pagmamahal ng Diyos!" pero sa aktuwal ay hindi sila nagbabago. Dahil lang sa may pakiramdam sila ng

konsensiya kaya may ganito silang kahilingan sa puso nila at handa silang ituwid ang sarili nila at magsisi. Gayumpaman, ang pagiging handa ay hindi katumbas ng kakayahang isagawa ang katotohanan, ni hindi ito katumbas ng pagpasok sa realidad. Ang pagiging handa ay simpleng hindi paglaban sa katotohanan, hindi pagiging tutol sa katotohanan, hindi lantarang paninira sa katotohanan, hindi lantarang paghusga, pagkondena, o paglapastangan sa Diyos—itong mga pagpapamalas lang na ito. Pero hindi ito nangangahulugan ng kakayahang tunay na magpasakop at tumanggap at magsagawa sa katotohanan, ni hindi ito nangangahulugan ng kakayahang maghimagsik laban sa laman at sa mga sariling pagnanais. Isa ba itong obhetibong katunayan? (Oo.) Ganito ito mismo. Ang pagkakaroon ng konsensiya at katwiran at kaunting nagsisising puso sa pagkatao ng isang tao ay hindi nangangahulugan na walang tiwaling disposisyon ang isang tao. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo, sa esensya, ay iba sa mga anticristo, pero hindi ito nangangahulugan na sila ay mga taong kayang tumanggap at magpasakop sa katotohanan. Ni hindi ito nangangahulugan na sila ay mga taong may katotohanang realidad, o na sila ay mga taong minamahal ng Diyos. May mahahalagang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang aspektong ito; ganap na magkaiba ang mga ito. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay tiyak na mas mabuti sa usapin ng pagkatao, sa saloobin nila sa katotohanan, at sa antas ng pagsisisi nila kumpara sa mga anticristo. Gayumpaman, ang pamantayan kung saan sinusukat ng Diyos ang mga tao ay hindi batay sa kung paano sila naiiba sa mga anticristo; hindi ito ang pamantayan. Sinusukat ng Diyos ang pagkatao ng isang tao, kung mayroon ba itong konsensiya o katwiran, kung minamahal o tinatanggap ba nito ang katotohanan, kung ginagawa ba nito nang tapat ang mga tungkulin nito, kung nagpapasakop ba ito sa Diyos, at kung kaya ba nitong matamo ang katotohanan at magkamit ng kaligtasan. Ang mga ito ang mga pamantayan kung saan sinusukat ng Diyos ang mga tao. Naglatag ang Diyos ng iba't ibang hinihingi para sa mga may disposisyon ng mga anticristo. Ginagamit ng Diyos ang mga hinihinging ito para sukatin ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo nang may layong iligtas ang mga ito. Pagkatapos marinig na maipaliwanag ito sa ganitong paraan, nauunawaan mo na ito, tama ba? Una, dapat maging malinaw sa iyo na kahit gaano karaming disposisyon ng anticristo ang mayroon ka, hangga't kaya mong tanggapin ang katotohanan, hindi ka isang anticristo. Bagama't hindi ka isang anticristo, hindi ito nangangahulugan na isa kang taong nagpapasakop sa Diyos. Ang hindi pagkasuklam sa katotohanan o hindi pagtutol sa katotohanan ay hindi nangangahulugan na isa kang taong nagsasagawa at nagpapasakop sa katotohanan. Ang pagkakaroon ng kaunting konsensiya at katwiran, pagiging may medyo mabuting puso, at pagkakaroon ng mas mabuting pagkatao kaysa sa mga anticristo ay hindi awtomatikong nangangahulugan na isa kang mabuting tao. Ang pamantayan sa pagsukat kung mabuti o masama ang isang tao ay hindi nakabatay sa pagkatao ng mga anticristo. Gaano man karaming masamang bagay ang gawin ng mga anticristo, hindi nila kailanman inaamin ang mga ito ni hindi sila kailanman nagsisisi, bagkus ay patuloy silang kumikilos sa parehong paraan;

hindi nila kailanman itinutuwid ang sarili nila, at kinokontra nila ang Diyos hanggang sa huli. Bagama't ang ilang taong may disposisyon ng mga anticristo ay sinserong gustong ituwid ang sarili nila at magsisi, ang pagtutuwid sa sarili nila nang kaunti ay hindi nangangahulugan na may tunay silang pagsisisi. Ang pagkakaroon ng kapasyahang magsisi ay hindi nangangahulugan ng pagkakaroon ng kakayahang maunawaan ang katotohanan, matamo ang katotohanan, at magkamit ng buhay.

Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ako isang anticristo, kaya mas mabuti ako kaysa sa mga anticristo at hindi ako kasingtiwali ng mga anticristo." Tama ba ang mga salitang ito? Isa ba itong baluktot na pagkaunawa? (Oo.) Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay pareho sa mga anticristo sa tiwaling disposisyon nila, pero magkaiba ang kalikasang diwa nila. Pag-isipan ito—tama ba ang pahayag na ito? (Oo.) Kung gayon, ipaliwanag ito. (Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay may mga tiwaling disposisyon tulad lang ng mga anticristo. Kapwa sila may mayabang at buktot na mga disposisyon, at kapwa nila hinahangad ang katayuan. Gayumpaman, magkaiba ang pagkataong diwa nila. Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay may kaunting pakiramdam ng konsensiya, at kaya nilang tanggapin ang katotohanan sa magkakaibang antas. Hindi sila tutol sa katotohanan at hindi namumuhi sa katotohanan. Sa kabilang banda, ang mga taong may diwa ng mga anticristo ay may mapaminsalang pagkataong diwa. Wala silang pakiramdam ng konsensiya, at tutol sila sa katotohanan at namumuhi sa katotohanan. Hindi sila magsisisi.) May mga tiwaling disposisyon silang lahat, kaya bakit inilalarawan ng Diyos ang mga taong may diwa ng mga anticristo bilang mga anticristo at Kanyang mga kaaway? (Pangunahin itong nakabatay sa saloobin nila sa katotohanan. Tutol at namumuhi ang mga anticristo sa katotohanan, at sa katunayan, ang pagkamuhi sa katotohanan ay pagkamuhi sa Diyos.) May iba pa ba? (Ang diwa ng mga anticristo ay sa mga diyablo.) May pag-asa bang maligtas ang mga taong may diwa ng mga diyablo? (Wala.) Hinding-hindi tinatanggap ng mga taong ito ang katotohanan at hindi sila maliligtas. Yamang ang dalawang uri ng mga tao ay may mga tiwaling disposisyon, ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga puwedeng maligtas at sa mga hindi puwedeng maligtas? Sa usapin lang ng mga tiwaling disposisyon nila, magkapareho ang dalawang uri ng mga taong ito, kaya bakit hindi maliligtas ang mga anticristo, samantalang ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo pero walang diwa ng mga anticristo ay may kaunting pag-asa na maligtas? (Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay hindi katulad ng mga anticristo, na napakamapanlaban sa katotohanan at sa mga positibong bagay. Bagama't hindi nila partikular na minamahal ang katotohanan, hindi sila nasusuklam sa katotohanan at kaya nila itong tanggapin sa magkakaibang antas, unti-unti silang nagbabago. Higit pa rito, ang pagkatao nila ay may kaunting pakiramdam ng konsensiya, hindi tulad ng mga anticristo na walang pakiramdam ng kahihiyan.) Narito nakasalalay ang pag-asa na maligtas; ito ang mahalagang pagkakaiba. Batay sa diwa ng mga anticristo, ang ganitong uri ng tao ay hindi matutubos at walang pag-asang maligtas. Kahit na gusto mo siyang iligtas, hindi mo kaya; hindi niya

kayang magbago. Hindi siya ordinaryong uri ng tao na may tiwaling disposisyon ni Satanas, bagkus ay isa siyang tao na may buhay diwa ng mga diyablo at ni Satanas. Ang ganitong uri ng tao ay hinding-hindi maliligtas. Sa kabaligtaran, ano ang diwa ng mga ordinaryong tao na may mga tiwaling disposisyon? May mga tiwaling disposisyon lang sila; gayumpaman, mayroon silang kaunting konsensiya at katwiran, at kaya nilang tumanggap ng ilang katotohanan. Ibig sabihin nito ay puwedeng magkaroon ng partikular na epekto ang katotohanan sa mga taong ito, nagbibigay sa kanila ng pag-asang maligtas. Ang ganitong uri ng tao ang inililigtas ng Diyos. Hinding-hindi maliligtas ang mga anticristo, pero puwede bang maligtas ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo? (Oo.) Kung sinasabi nating puwede silang maligtas, hindi ito obhetibo. Puwede lang nating sabihing may pag-asa silang maligtas—medyo obhetibo ito. Sa huli, kung maliligtas man ang isang tao ay nakasalalay sa indibidwal. Depende ito sa kung kaya niyang tunay na tanggapin ang katotohanan, isagawa ang katotohanan, at magpasakop sa katotohanan. Samakatwid, masasabi lang na ang ganitong uri ng tao ay may pag-asang maligtas. Kaya bakit walang pag-asang maligtas ang mga anticristo? Dahil mga anticristo sila; ang kalikasan nila ay kay Satanas. Mapanlaban sila sa katotohanan, namumuhi sila sa Diyos, at hinding-hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Puwede pa rin ba silang iligtas ng Diyos? (Hindi.) Inililigtas ng Diyos ang mga tiwaling tao, hindi si Satanas at ang mga diyablo. Inililigtas ng Diyos iyong mga kayang tumanggap sa katotohanan, hindi ang mga basura na namumuhi sa katotohanan. Naging malinaw ba ito dahil dito? (Oo.) Nagbabahaginan tayo nang ganito para maiwasang magkaroon ng baluktot na pagkaunawa ang ilang tao. Pagkatapos pag-ibahin ang mga anticristo at ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo, iniisip ng ilang tao na hindi sila mga anticristo at nangangahulugan ito na nasa ligtas na kalagayan na sila, na talagang nakapagtiyak na sila ng masisilungan para sa sarili nila at tiyak na hindi sila mapapaalis, mapapatalsik, o matitiwalag sa hinaharap. Isa ba itong baluktot na pagkaunawa? Ang pagkakaroon ng pag-asang maligtas ay hindi nangangahulugang maliligtas ang isang tao. Hinihingi pa rin ng pag-asang ito na maarok ito ng mga tao. Ang saloobin mo sa katotohanan ay iba sa saloobin ng mga anticristo. Hindi ka tutol sa katotohanan, o medyo mas mabuti ang pagkatao mo kaysa sa mga anticristo; may kaunti kang pakiramdam ng konsensiya, medyo mabuti ang puso mo, hindi mo pinipinsala ang iba, marunong kang magsisi kapag may nagagawa kang mali, at kaya mong ituwid ang sarili mo. Ang pagkakaroon lang ng kaunting katangiang ito ay nangangahulugang mayroon kang mga batayang kondisyon para tanggapin ang katotohanan, isagawa ang katotohanan, at makamit ang kaligtasan. Pero ang hindi pagiging anticristo ay hindi nangangahulugang maliligtas ka. Hindi ka isang anticristo, pero tiwaling tao ka pa rin. Puwede bang maligtas ang lahat ng tiwaling tao? Hindi awtomatiko. Kahit na ang isang tao ay hindi isang anticristo o masamang tao, hangga't hindi niya hinahangad ang katotohanan, hindi pa rin siya maliligtas. Ang pagliligtas ng Diyos sa mga tao ay nakakamit sa pamamagitan ng kanilang pagtanggap at paghahangad sa katotohanan. Ang mga tiwaling disposisyon

ng mga tao ay antagonistiko sa Diyos. Hangga't may mga tiwaling disposisyon sa isang tao, maaari pa rin siyang maghimagsik laban sa Diyos, sumuway sa Diyos, magkanulo sa Diyos, at iba pa. Samakatwid, kailangan nilang tanggapin ang paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, at mga pagpipino ng mga salita ng Diyos; kailangan nila ang panustos at paggabay ng mga salita ng Diyos, ang pagpupungos, pagdidisiplina, at pagpaparusa ng Diyos, at iba pa—wala sa gawaing ito na ginagawa ng Diyos ang maaaring magkulang. Samakatwid, para makamit ang kaligtasan, sa isang banda, kinakailangan ang gawain ng Diyos, at dagdag pa, kailangang magkaroon ang mga tao ng kapasyahang makipagtulungan. Kailangan nilang magawang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga, na makapasok sa katotohanang realidad matapos na maunawaan ang katotohanan, at iba pa. Ito lang ang paraan para makamit ang pagliligtas ng Diyos ng mga huling araw, at para matanggap ang napakapambihirang pagpapala na magawang perpekto ng Diyos na nagkatawang-tao, sa batayan ng pagkaunawa sa katotohanan. Ganoon lang ito kasimple. Sige, tapusin na natin dito ang pagbabahaginan tungkol sa paksang ito.

Ikalabintatlong Aytem: Protektahan ang Hinirang na mga Tao ng Diyos Mula sa Panggugulo, Panlilihis, Kontrol, at Lubhang Pamiminsala ng mga Anticristo, at Bigyan Sila ng Kakayahan na Kilatisin ang mga Anticristo at Talikuran ang mga Ito Mula sa Puso Nila

Ang Ilang Gampaning Dapat Gampanan ng mga Lider at Manggagawa Kapag Natukoy na Ginugulo ng mga Anticristo ang Iglesia

Susunod, pagbabahaginan natin ang pangunahing paksa. Kompleto na ang pagbabahaginan natin sa ikalabindalawang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Para sa pagbabahaginang ito, tatalakayin natin ang ikalabintatlong responsabilidad: "Protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo, at bigyan sila ng kakayahan na kilatisin ang mga anticristo at talikuran ang mga ito mula sa puso nila." Ang ikalabintatlong responsabilidad ay kinabibilangan ng paksa sa kung paano dapat tinatrato ng mga lider at manggagawa ang mga anticristo. Anong gawain ang dapat na gawin ng mga lider at manggagawa kapag lumilitaw ang mga anticristo sa iglesia? Una, sinasabi ng responsabilidad na ito na kapag nilulutas ang gayong mga problema, kailangang kumilos ang mga lider at manggagawa para protektahan ang mga kapatid mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo. Ito ang unang gampaning dapat nilang gawin. Tungkol naman sa kung paano ginugulo, nililihis, kinokontrol, at lubhang pinipinsala ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, marami nang napagbahaginan tungkol dito dati, kaya ang nilalamang ito ay hindi ang magiging pangunahing paksa ng pagbabahaginan ngayon. Ngayong araw, tutuon tayo sa kung anong mga responsabilidad ang dapat na tuparin ng mga lider at manggagawa at kung anong gawain ang dapat nilang

gawin kapag nahaharap sa mga pag-uugali at kilos na ito ng mga anticristo para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa kapahamakan. Una, dapat protektahan ng mga lider at manggagawa ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo—isa ito sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ano ang ibig sabihin ng “isa sa mga responsabilidad”? Ibig sabihin nito, sa maraming gampaning ginagawa ng mga lider at manggagawa, isang mahalagang gampanin ang pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos para makapamuhay sila ng normal na buhay iglesia nang walang panggugulo at lubhang pamiminsala ng mga anticristo. Isa rin itong gampaning hindi matatakasan kung saan hindi nila puwedeng iwasan ang responsabilidad nila. Dapat itong pahalagahan ng mga lider at manggagawa at hindi nila ito dapat na pabayaan. Ang pagpapanatili sa normal na takbo ng buhay iglesia ay isang napakahalagang gampanin at ang pinakapangunahing gampanin sa lahat ng gawain ng iglesia. Responsabilidad din ito ng mga lider at manggagawa. Ang pinakapangunahing gawain ng mga lider at manggagawa ay ang akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos sa katotohanang realidad. Kapag ang mga Satanas at anticristo, ay dumarating para guluhin at ilihis ang mga tao, at para makipag-agawan sa Diyos para sa Kanyang hinirang na mga tao, dapat tumindig ang mga lider at manggagawa para ilantad ang mga anticristo para makilatis sila ng hinirang na mga tao ng Diyos, na magtutulot sa mga anticristo na ibunyag ang tunay nilang anyo, at pagkatapos ay paalisin sila sa iglesia. Ito ay para maiwasan na makontrol at lubhang mapinsala ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa kapag gumagawa ng gawain ng iglesia. Kaya, ano ang ibig sabihin ng maiwasan ang mga bagay na ito? Paano dapat maiwasan ang mga ito? Ang salitang “maiwasan” ay literal na nangangahulugang pigilan na mangyari ang isang bagay sa abot ng makakaya. Ano ang mahalagang punto rito? Nagkakamit ng pag-iwas ang pagpipigil sa mga insidente na mangyari. Sa pangangasiwa ng mga insidente ng mga anticristo, ang pangunahing gawain ng mga lider at manggagawa ay pigilan ang mga anticristo na guluhin, ilihis, kontrolin, at lubhang pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos sa abot ng makakaya. Dapat nilang protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pamiminsala ng mga anticristo sa abot ng makakaya nila. Ito ang pangunahing gawain na kailangang gawin ng mga lider at manggagawa, at ito ang kailangan nating malinaw na pagbahaginan patungkol sa ikalabintatlong responsabilidad. Kaya, paano mapoprotektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos? Sa pamamagitan ng pagpigil na mangyari ang masasamang gawang ito na ginagawa ng mga anticristo. Marami ang gawi at pamamaraan para pigilan ang mga ito, tulad ng paglalantad, pagpupungos, paghihimay, at paglilimita. Ano pa? (Pagpapatalsik.) Iyon ang huling hakbang. Kapag wala pa ring pagkilatis ang mga kapatid at hindi nila alam na anticristo ang isang tao, pero natukoy na ng mga lider at manggagawa na anticristo ang taong iyon, kung direkta nilang patatalsikin ang taong iyon, ang mga walang pagkilatis ay maaaring magkaroon ng mga kuru-kuro at paghusga, at maaaring panghinaan ng loob

ang ilan. Sa gayong mga kaso, ano ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Ano nga ang kababanggit Ko lang? (Paglalantad, pagpupungos, paghihimay, at paglilimita.) May anumang magandang paraan ba kayo para pigilan ang mga anticristo sa paggawa ng masama? Magandang pamamaraan ba ang pagsubaybay sa kanila? Maituturing ba itong epektibong gawi at pamamaraang naaayon sa mga prinsipyo? (Oo.) Ano ang angkop na paraan para tratuhin ang mga anticristo? Gagana ba ang paghatol, pagkastigo, mga pagsubok, at pagpipino sa mga anticristo? (Hindi.) Bakit hindi? (Hindi tinatanggap ng mga anticristo ang katotohanan; tutol sila rito.) Tutol sa katotohanan ang mga anticristo at hindi nila ito tinatanggap, kaya hindi angkop ang paggamit ng mga pagsubok, pagpipino, paghatol, at pagkastigo para pangasiwaan ang mga anticristo. Dagdag pa rito, hindi ginagampanan ng Diyos ang gawaing ito sa kanila. Hindi angkop ang ideyang ito, kaya tiyak na hindi magiging epektibo ang pamamaraang ito. Kung gayon, anong pamamaraan ba ang naaangkop? Ang maraming taong labis na nagdusa sa pamiminsala ng mga anticristo ay labis na namumuhi sa kanila at naniniwala na dapat silang husgahan, kondenahin, at ibunyag sa publiko. Iniisip nila na dapat mapilit ang mga anticristo na umamin sa mga pagkakamali ng mga ito at hayagang ikumpisal ang mga kasalanan ng mga ito sa iglesia at lubusang ipahiya. Sa tingin ninyo, magiging angkop bang gamitin ang mga ganitong pamamaraan? (Hindi.) Kung isasaalang-alang natin ang diwa ng mga anticristo, hindi naman talaga kalabisang kumilos nang ganoon—paano man matrato ang mga diyablo ay ayos lang; puwede itong gawin nang kasingkaswal ng pagdurog sa isang insekto. Kaya, ang layon ng mga lider at manggagawa sa paggawa nito ay tila napakalehitimo at tama, pero may anumang isyu ba sa mga pamamaraang ito? Nasa saklaw ba ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito? Naaayon ba sa mga prinsipyo o hindi ang paggawa sa mga bagay sa ganitong paraan? (Hindi.) Malinaw na hindi ito naaayon sa mga prinsipyo. Saan nanggagaling ang mga prinsipyo? (Mula sa mga salita ng Diyos.) Tama iyan. Bagama't ang mga pakay ng gayong mga kilos ay mga anticristo—mga diyablo—ang mga pamamaraan ay dapat na umayon din sa mga prinsipyo at sa mga hinihingi ng Diyos, dahil sa paggawa ng gawaing ito, tinutupad ng mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila, hindi sila nangangasiwa ng mga isyu ng pamilya o mga personal na usapin.

I. Paglalantad

Responsabilidad ng mga lider at manggagawa ang pangangasiwa sa mga anticristo at pagpigil sa mga ito na makagawa ng kasamaan at panlilihis at pamiminsala sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ang layon ay ang protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa kapahamakan, hindi ang pahirapan ang sinuman o sunggaban ang oportunidad na makapaghiganti sa sinuman, at tiyak na hindi para maglunsad ng mga kampanya laban sa sinuman. Samakatwid, anong mga gampanin ang kailangang gawin ng mga lider at manggagawa sa abot ng makakaya nila para pigilan ang mga anticristo na gumawa ng kasamaan? Ang una ay ang ilantad ang mga ito. Ano ang layon ng

paglalantad? (Para matulungan ang mga tao na magkaroon ng pagkilatis.) Tama iyan. Ito ay para tulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos na kilatisin ang diwa ng mga anticristo, para sa loob-loob nila ay mailayo nila ang sarili nila sa mga anticristo at hindi sila mailihis ng mga ito, at para—kapag sinubukan ng mga anticristo na ilihis at kontrolin sila—magawa nilang aktibong tanggihan ang mga ito, sa halip na tulutan ang mga anticristo na manipulahin at paglaruan sila. Kaya, mahalaga bang ilantad ang mga anticristo? (Oo.) Napakahalagang ilantad sila, pero dapat na tumpak mo silang mailantad. Kung gayon, paano mo sila dapat ilantad? Ano ang dapat na maging batayan ng paglalantad mo? Ayos lang ba na basta-basta silang bansagan? Ayos lang bang basta na lang silang kondenahin nang walang batayan? (Hindi.) Kaya, paano mo sila dapat ilantad nang tumpak para makamit ang layong protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos? (Sa isang banda, dapat obhetibo at makatotohanan natin silang ilantad batay sa katunayan ng masasamang gawa nila. Dagdag pa rito, dapat natin silang kilatisin at himayin ayon sa mga salita ng Diyos.) Tumpak ang dalawang pahayag na ito; hindi puwedeng mawala ang dalawang aspekto. Sa isang banda, dapat may tunay na ebidensiya. Dapat mong husgahan at ilarawan ang diwa nila batay sa mga maling salita, kilos, at katawa-tawang pag-iisip at pananaw na ibinubunyag ng mga anticristo. Gayumpaman, ang pinakamahalagang bagay ay ang kilatisin at himayin sila ayon sa mga salita ng Diyos. Aling mga salita ng Diyos ang dapat mong pagbatayan? Aling mga salita ang pinakadirekta at pinakamatalas? (Ang mga salitang naglalantad sa mga anticristo.) Tama iyan; dapat kang maghanap ng ilang salitang nagtatanggal sa maskara ng mga anticristo para ilantad sila at maikumpara nang nararapat at walang kinikilingan, nagtitiyak ng lubos na katumpakan. Makakaunawa ang mga kapatid pagkatapos itong marinig; agad silang magkakaroon ng pagkilatis sa taong nasasangkot, at magiging mapagbantay sila laban dito. Dahil may pagkilatis na sila sa puso nila, masusuklam sila sa taong ito: “Kaya pala, anticristo pala talaga siya! Tinulungan niya ako dati at ginawan pa nga niya ako ng mga pabor. Inakala kong mabuti siyang tao. Sa pamamagitan ng paghihimay at pagbabahaginang ito, nalantad na ang kanyang pagpapaimbabaw at ang esensiyal na mga anticristong pagpapamalas niya, na nakakatulong sa lahat na makita na mapanganib ang taong ito. Inilantad siya ng mga salita ng Diyos nang napakatumpak! Hindi siya isang mabuting tao. Nagsasabi siya ng magagandang bagay at tila walang problema sa mga kilos niya, pero sa pamamagitan ng paglalantad sa diwa niya, malinaw na ngayon na isa nga siyang anticristo.” Batay sa pagbabago ng mga iniisip ng mga tao, kapag ginagawa ng mga lider at manggagawa ang gawain ng paglalantad sa mga anticristo, pinipigilan nila ang mga anticristo na ilihis at guluhin ang hinirang na mga tao ng Diyos sa abot ng makakaya nila. Siyempre, tinutupad din nila ang responsabilidad ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos mula sa kontrol at malubhang pamiminsala ng mga anticristo. Ginagawa nila ang isa sa mga gampanin nila sa isang praktikal na paraan. Aling gampanin ito? Ang paglalantad sa mga anticristo. Ang gawain ng paglalantad sa mga anticristo ay isa sa mga gampaning dapat gawin ng mga lider at

manggagawa para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Pagdating naman sa iba't ibang gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa, hindi natin pagsusunod-sunurin ang mga ito ayon sa lawak o sa mga resultang nakakamit ng mga ito; magbahagi muna tayo tungkol sa gawain ng "paglalantad." Ang paglalantad sa kalikasang diwa ng mga anticristo ay kinabibilangan ng paglalantad sa mga intensyon, balak, at kahihinatnan ng kanilang palagiang masasamang gawa na nakakagambala at nakakagulo sa gawain ng iglesia; na naglalantad kung paanong ang mga anticristo, habang naglilingkod bilang mga lider at manggagawa, ay hindi talaga gumagawa ng anumang tunay na gawain sa iglesia at binabalewala ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos; inilalantad ang pangit na mukha ng mga anticristo bilang mga tao na hindi man lang kilala ang sarili nila, hindi kailanman nagsasagawa sa katotohanan, at nagsasabi lang ng mga salita at doktrina para ilihis ang mga tao; at inilalantad ang iba't iba nilang kasabihan at kilos sa harap ng mga tao at kapag nakatalikod ang mga ito. Ang lubusang paglalantad sa mga aspektong ito ay nagpapakita ng tunay na anyo ng mga anticristo bilang mga Satanas at masasamang diyablo. Isa itong mahalagang gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa. Kaya, ano ang kailangang taglayin ng mga lider at manggagawa para isagawa ang gampaning ito? Una sa lahat, kailangan nilang magkaroon ng partikular na pagpapahalaga sa pasanin, hindi ba? (Oo.) Kapag pinapasan ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad na ito, madalas nilang iniisip, "Anticristo ang taong iyon. Madalas na lumalapit sa kanya ang mga kapatid para magtanong, palaging nakikipaglapit sa kanya at may magandang ugnayan sa kanya. Dahil nailihis ng taong ito, maraming tao ang partikular na umiidolo sa kanya. Ano ang dapat na gawin tungkol dito?" Lumalapit sila sa harapan ng Diyos para magdasal at madalas na sinasadya nilang hanapin ang mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga anticristo, sinasangkapan ang sarili nila ng katotohanan sa aspektong ito. Pagkatapos, hinihiling nila sa Diyos na ihanda ang tamang panahon o naghahanap sila mismo ng naaangkop na oras at pagkakataon para makipagbahaginan sa mga kapatid tungkol sa usaping ito. Itinuturing nila ito bilang kanilang pasanin at isang mahalagang gampaning kailangan nilang sunod na gawin. Palagi silang naghahanda, naghahanap, at nagdarasal sa Diyos para sa paggabay; palagi silang nasa ganitong uri ng kalagayan ng isipan at kondisyon. Ito ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pagpapahalaga sa pasanin. Pagkatapos maghanda nang may gayong pasanin sa loob ng ilang panahon, dapat silang maghintay hanggang sa mahinog na ang mga kondisyon. Sa pinakamababa, dapat silang maghintay hanggang sa dalawa o tatlong tao ang magkaroon ng tunay na pagkilatis sa anticristo bago sila magsimulang ilantad ang anticristo. Kung natukoy nila na tila isang anticristo ang isang tao batay lang sa mga damdamin nila, pero hindi nila makilatis kung talaga bang anticristo ang taong iyon o hindi, hindi sila dapat kumilos nang basta-basta. Sa madaling salita, kapag isinasagawa ang gawaing ito, tiyak na magkakaroon sila ng kaliwanagan at paggabay ng Diyos. Ito ang ibig sabihin ng paggawa ng tunay na gawain at pagtupad sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

II. Pagpupungos

Pagkatapos isagawa ang gawain ng paglalantad sa mga anticristo, bagama't nagkaroon ng kaunting pagkilatis ang mga kapatid, bago ganap na mailantad ang mga anticristo, hindi maiiwasang lalo pa nilang ilihis at guluhin ang mga kapatid, na nagdudulot na idolohin, hangaan, at sundan sila ng mas maraming tao. Labis itong nakakaantala sa pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos, na nakakahadlang sa buhay pagpasok nila at nagdudulot ng malaking pinsala. Kung gayon, ang ikalawang gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa ay na kapag nililihis at ginugulo ng mga anticristo ang mga kapatid, o kapag malinaw na lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo ang mga salita at kilos nila, dapat kuhain ng mga lider at manggagawa ang ebidensiya at agad na kumilos para pungusan sila, at ilantad ang masasamang gawa nila ayon sa mga salita ng Diyos, para makilatis at maunawaan ng mga kapatid ang tunay na mukha ng mga anticristo. Ito ang di-maiiwasang responsabilidad ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos at pangangalaga sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Ang mga lider at manggagawa ay hindi dapat magpaupo-upo lang at walang gawin o magbulag-bulagan; dapat agad nilang sunggaban ang mga oportunidad, tukuyin ang mga insidente, at kumilos sila para pungusan ang mga anticristo, tumpak na ilantad ang mga kilos, ambisyon, pagnanais, at ang diwa ng mga ito. Siyempre, kailangan din na mas tumpak na ilarawan kung anong uri ng tao ang mga anticristo, para malinaw itong makita ng mga kapatid, para malaman ito ng mismong mga anticristo, at para malaman ng mga anticristo na hindi lahat ay walang pagkilatis sa kanila at puwede nilang maloko—na kahit papaano ay kayang makilatis ng ilang tao ang mga kilos at pag-uugali nila at makilatis ang mga natatago nilang ambisyon at pagnanais, pati na ang diwa nila. Ang layon ng pagpupungos sa mga anticristo ay, siyempre, hindi lang para ilantad ang diwa nila gamit ang mga salita. Ang mas mahalaga, ano ito? (Sa isang banda, ito ay para tulungan ang mga kapatid na magkaroon ng pagkilatis, at para din limitahan ang masasamang gawa ng mga anticristo.) Tama. Ito ay para limitahan sila, para kapag gumagawa sila ng mga bagay na nakakalihis at nakakagulo sa mga tao, mag-aalinlangan sila at mangangamba; para mapasailalim sila sa mga limitasyon, magkaroon sila ng pagpipigil, at hindi sila mangahas na kumilos nang walang ingat; para maipaalam sa kanila na bukod sa nasa sambahayan ng Diyos ang katotohanan, na ang katotohanan ang naghahari, may mga atas administratibo rin ang sambahayan ng Diyos, at na hindi posibleng kumilos nang mapaniil at nang sutil na walang ingat sa sambahayan ng Diyos, na pinsalain ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at ipahamak ang hinirang na mga tao ng Diyos; at para din ipaalam sa kanila na papanagutin sila sa paggawa nila ng mga walang ingat na masamang gawang nakakagulo sa gawain ng iglesia at nakakapinsala sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Habang agad na pinupungusan ang mga anticristo, dapat ding tumindig ang mga lider at manggagawa para ilantad sila, na tinutulungan ang mga tao

na magkaroon ng pagkilatis at maunawaan ang mga ambisyon, pagnanais, intensyon, at balak ng mga anticristo. Siyempre, ito rin ay para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos at pangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Lahat ng ito ay mga konsiderasyong dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa, at nasa saklaw ng mga responsabilidad nila na isagawa ang gawaing ito; hindi nila ito puwedeng pabayaan o hindi sila puwedeng maging walang ingat tungkol dito. Kung matuklasan ng mga lider at manggagawa ang mga anticristo sa iglesia, dapat palagi silang maging mapagbantay sa mga salita at kilos ng mga ito at sa mga panlilinlang na ipinapakalat ng mga ito kapag walang nakakakita, at dapat nilang isagawa ang pagpupungos at paglalantad sa mga anticristo. Isa ito sa mga gampanin ng mga lider at manggagawa para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo at pamiminsala ng mga anticristo.

III. Paghihimay

Ano ang susunod na gampanin para sa mga lider at manggagawa? Ang maghimay. Ang paghihimay ay halos kaparehong-kapareho ng paglalantad, pero may mga pagkakaiba sa antas. Pagdating sa paghihimay, hindi lang ito tungkol sa paglalantad sa isang katunayan, totoong sitwasyon, o pinagmulan; sangkot dito ang isyu ng paglalarawan, ibig sabihin, sangkot dito ang disposisyon ng mga anticristo, ang mahalaga at ugat na isyung ito. Himayin ang saloobin nila sa Diyos, sa katotohanan, sa tungkulin nila, at sa gawain ng sambahayan ng Diyos, pati na ang mga motibo, intensyon, at balak sa likod ng pagpapakalat nila ng mga panlilinlang—ang mga dahilan kung bakit nila ito ginagawa—at kilatisin kung ano ang diwa nila sa pamamagitan ng mga iniisip, pananaw, pananalita, kilos, at mga disposisyon at pagpapamalas na ibinubunyag nila. Dapat ikumpara ang mga ito sa mga salita ng Diyos at ipaliwanag para magkamit ang mga kapatid ng mas malalim na pagkaunawa sa mga anticristo at malinaw nilang makita mula sa praktikal na perspektiba kung bakit sinasabi at ginagawa ng mga anticristong nasa harapan nila ang mga bagay na ito, kung ano ang perspektiba ng Diyos sa gayong mga tao, at kung paano Niya inilalarawan ang mga anticristo. Siyempre, dapat ding sabihin ng mga lider at manggagawa sa mga kapatid na lumayo sa mga anticristo at tanggihan ang mga ito, at maging mapagmatyag din laban sa panlilihis ng mga kilos, pag-uugali, pananalita, at mga pananaw ng mga anticristo para maiwasang magkamali ng pagkaunawa sa Diyos, maging mapagbantay laban sa Diyos, lumayo sa Diyos, tanggihan ang Diyos, at maging ang husgahan at kondenahin ang Diyos sa loob-loob nila tulad ng ginagawa ng mga anticristo. Ang layon ng paghihimay, tulad ng iba pang mga gampanin gaya ng paglalantad at pagpupungos, ay para pigilan ang mga anticristo sa panlilihis, panggugulo, at pamiminsala sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ay para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa lubhang pamiminsala ng mga anticristo at mula sa paglihis mula sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Kapag malinaw na nakikita ng hinirang na mga tao ng Diyos ang mga katunayan at totoong sitwasyon

tungkol sa kung paano ginugulo ng mga anticristo ang iglesia at kapag malinaw nilang nakikita ang diwa ng mga anticristo, hindi na sila maililihis at makokontrol ng mga anticristo. Kahit na may ilang taong magulo ang isipan at hangal, na humahanga at umiidolo pa rin sa mga anticristo sa loob-loob ng mga ito at nakikisalamuha at nakikipaglapit sa kanila, hindi na makapagdudulot ng malalaking isyu ang mga anticristo. Gagawa lang sila ng ilang bagay sa mga hangal na tao, nang hindi talaga naaapektuhan ang buhay pagpasok ng mga sinserong nananampalataya sa Diyos, at kaya, hindi nila magugulo o magagambala ang gawain ng iglesia. Ang pag-abot sa antas na ito ay ang dapat makamit ng mga lider at manggagawa. Ibig sabihin, dapat nilang tiyakin na iyong mga sinserong nananampalataya sa Diyos at kusang-loob na gumagawa ng mga tungkulin nila at iyong mga nagmamahal sa katotohanan ay nakakapamuhay ng normal na buhay iglesia at nakakatupad sa mga tungkulin nila. Kasabay nito, dapat din nilang matiyak na ang mga taong ito ay makapagbabantay laban sa panlilihis at mga panggugulo ng mga anticristo, at makatatanggi sa mga anticristo. Ito ay pagpigil sa masamang ginagawa at mga panggugulo ng mga anticristo sa abot ng makakaya nila, ganap na nakakamit ang epekto ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos. Siyempre, gaano mo man kaepektibong ginagawa ang gawain mo at gaano man kadetalyado ang pagsasalita mo, hindi maiiwasang magkakaroon ng ilang hangal na tao, mga taong may mahinang kakayahan, at mga taong magulo ang isip na hindi kayang tanggihan ang mga anticristo at hahanga at titingala pa rin sa mga anticristo sa kanilang puso. Gayumpaman, karamihan ng tao ay makakamit na ang puntong kaya na nilang tanggihan ang mga anticristo. Kung kaya itong makamit ng mga lider at manggagawa, napoprotektahan na nila ang hinirang na mga tao ng Diyos sa abot ng makakaya, ganap na nakakamit ang ninanais na resulta. Para naman sa mahihina ang isip na hindi nakakaunawa sa katotohanan paano man ito pagbahaginan, kung kaya pa rin nilang magtrabaho nang kaunti, dapat silang mabigyan ng kaunting malasakit at pagtulong, pati ng higit pang pagmamahal, pagpapasensiya, at pagpaparaya. Ito ay paggawa ng lahat ng bagay na dapat gawin ng isang tao, at ang paggawa sa ganitong paraan ay maprinsipyo. Marami bang lider at manggagawa na nakakatugon sa pamantayang ito? (Hindi.) Samakatwid, kailangang gawin ang pinakamatinding pagsisikap; dapat mong protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos nang walang kapaguran at sa abot ng makakaya. Ano ang ibig sabihin ng “sa abot ng makakaya”? Ibig sabihin nito ay gawin ang lahat ng posible para pagbahaginan ang mga katotohanang prinsipyong nauunawaan mo, ipresenta ang ebidensiyang nakalap na—ang iba’t ibang pagpapamalas ng masasamang gawa ng mga anticristo—iniuugnay ang mga ito sa mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga anticristo, at pagbahaginan at himayin ang mga ito. Ito ay para malinaw na makita ng mga kapatid ang tunay at totoong sitwasyon, makilatis at maunawaan ang diwa ng mga anticristo, at malaman ang saloobin ng Diyos sa mga anticristo. Isa itong mahalagang gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa.

IV. Paglilimita

Ano ang susunod na gampaning dapat gawin ng mga lider at manggagawa? Ito ay ang maglimita. Ang gawaing ito ng “paglilimita” ay madaling isagawa; kinabibilangan ito ng ilang espesyal na paraan para makamit ang resulta ng paglilimita. Halimbawa, ang mga anticristo ay palaging nagsasabi ng mga salita at doktrina, palaging itinataas ang sarili nila, minamaliit ang iba minsan, madalas na nagpapatotoo sa kung gaano karaming pagdurusa ang tiniis nila at kung ano ang mga iniambag nila sa sambahayan ng Diyos sa panahon ng mga pagtitipon, at walang kahihiyan silang nagpapatotoo sa sarili nila, ipinapangalandakan kung paanong hinahangaan sila ng iba, at kung paanong mas magaling sila kaysa sa iba, kung paanong katangi-tangi sila, at iba pa. Dapat gawin ng mga lider at manggagawa ang lahat ng makakaya nila para limitahan ang iba’t ibang masamang gawa ng mga anticristo na nanlilihis at kumokontrol sa hinirang na mga tao ng Diyos, sa halip na patuloy na bigyang-layaw ang mga anticristo. Dapat nilang limitahan ang oras ng pagsasalita ng mga anticristo at ang mga paksang tinatalakay ng mga ito. Dagdag pa rito, tungkol sa mga kilos ng mga anticristo sa publiko man at sa pribado, tulad ng paggamit ng maliliit na pabor para pumanig sa kanila ang mga tao, paghahasik ng alitan, pagpapakalat ng mga kuru-kuro at mga negatibong komento, at iba pa, ang mga lider at manggagawa ay hindi dapat kumilos na parang sila ay bingi o bulag. Dapat agad nilang arukin ang mga kilos ng mga anticristo; kapag natuklasan nila ang mga ugaling nakakalihis at nakakagulo sa iba, dapat agad nilang ilantad at himayin ang mga pag-uugaling ito at magpataw ng mga limitasyon sa mga anticristo, na hindi sila tulutan na maglibot at manlihis ng mga tao at manggulo sa gawain ng iglesia. Isa ba ito sa mahahalagang gampanin na kailangang gawin ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Kaya mo bang limitahan ang masasamang gawa ng mga anticristo sa pamamagitan lang ng pagpupungos, paglalantad, at paghihimay sa kanila? (Hindi.) Hindi mo sila kayang limitahan sa ganitong paraan dahil mga Satanas at masasamang diyablo sila. Hangga’t hindi nakagapos ang mga kamay at paa nila, at hindi nakakandado ang bibig nila, magpapakalat sila ng mga panlilinlang at magsasabi sila ng mga maladiyablong salita na nakakagulo sa mga tao. Dapat agad na umaksiyon ang mga lider at manggagawa para limitahan sila; lalo na kapag nagpapakalat sila ng mga panlilinlang para ilihis at guluhin ang mga tao, dapat na maagap na pigilan at hadlangan ng mga lider at manggagawa ang mga anticristo. Dapat ding bigyang-kakayahan ng mga lider at manggagawa ang hinirang na mga tao ng Diyos na magkaroon ng pagkilatis at malinaw na makita ang tunay na mukha ng mga anticristo. Ito ang aktuwal na gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa.

V. Pagsusubaybay

Pagkatapos limitahan ang mga anticristo, ang susunod naman ay ang pagsubaybay sa kanila. Tingnan kung sino ang nailihis ng mga anticristo at kung anong mga panlilinlang at mga maladiyablong salita ang ipinakalat nila habang walang nakakakita,

suriin kung pumapanig sila sa malaking pulang dragon at kung kumikilos sila nang naaayon dito, kung nakipag-alyado na ba sila sa relihiyosong mundo, kung lihim ba silang nagmamanipula kasama ang mga kasabwat nila, kung magkakanulo ba sila ng ilang mahalagang impormasyon tungkol sa sambahayan ng Diyos, at iba pa. Isa rin itong responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa. Bago mailantad ang mga kilos ng mga anticristo, ang mga lider at manggagawa ay hindi dapat “ganap na ginugugol ang sarili sa pag-aaral ng mga aklat ng mga pantas at hindi nagbibigay-pansin sa mga panlabas na usapin,” bagkus ay dapat silang maging kasingtalino ng mga ahas. Kapag nadiskubre ng mga lider at manggagawa na isang anticristo ang isang tao, kung hindi pa dumarating ang oras para paalisin at patalsikin ang taong iyon, dapat mahigpit nilang subaybayan ang taong ito para pigilan ito na patuloy na gumawa ng kasamaan, na tinitiyak na ang mga salita at kilos nito ay nasusubaybayan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Dahil mahilig ang mga anticristo sa kapangyarihan at pakikipag-ugnayan sa mga makapangyarihang tao, dapat bantayang mabuti ng mga lider at manggagawa kung sino ang palaging nakakaugnayan ng mga anticristo kapag walang nakakakita at kung nakikipag-usap ba ang mga ito sa mga relihiyosong tao. Ang ilang anticristo ay madalas na nakikisalamuha sa mga relihiyosong pastor at elder, at ang ilan ay nakikisalamuha pa nga sa mga taga-United Front Work Department. Kapag nangyayari ang gayong mga insidente, hindi dapat magbulag-bulagan ang mga lider at manggagawa rito, bagkus ay dapat silang maging mapagmatyag laban sa mga anticristo at maging mapagbantay. Kapag nakita ng isang anticristo na ang mga paraan ng panlilihis at pang-aakit sa mga tao na pumanig sa kanila ay hindi gumagana sa sambahayan ng Diyos at na nalantad na ang masasamang gawa nila, at alam nilang hindi maganda ang kauuwian nila, hindi mo mahuhulaan kung ano ang maaari nilang gawin o kung hanggang saan maaaring umabot ang kasamaan nila. Samakatwid, kapag nakakatiyak ka na sa puso mo na isang anticristo ang isang tao, dapat subaybayan mo siyang mabuti at bantayan siya nang walang humpay. Responsabilidad mo ito. Ano ang layon ng paggawa nito? Ito ay para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos, at para pigilan, sa abot ng makakaya, ang mga anticristo sa paggawa ng mga maling gawa laban sa iglesia at sa mga kapatid, na makakapinsala sa mga kapatid. May ilang anticristo na palaging nagtatanong tungkol sa mga handog: “Sino ang namamahala ng pera ng sambahayan ng Diyos? Sino ang nag-aasikaso ng mga account? Tumpak bang natatala ang mga account? Posible bang may nagaganap na pagwawaldas? Saan nakatago ang pera ng iglesia? Hindi ba’t dapat na gawing publiko ang mga bagay na ito, para mabigyan ang lahat ng karapatang malaman ang tungkol sa mga ito? Gaano karami ang ari-arian ng sambahayan ng Diyos? Sino ang nagbigay ng pinakamaraming handog? Bakit hindi ko alam ang mga bagay na ito?” Mula sa kanilang mga salita, tila nagmamalasakit sila sa mga pinansiyal na usapin ng sambahayan ng Diyos, pero ang totoo, may iba silang motibo. Walang ni isang anticristo na hindi nag-iimbot ng pera. Kaya ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa sa gayong mga kaso? Una, dapat mong pamahalaan nang wasto ang

mga handog, ipagkatiwala ang mga ito sa pangangalaga ng mga mapagkakatiwalaang tao, at hinding-hindi mo dapat hayaan ang mga anticristo na magtagumpay sa pagkamit ng mga pakay nila—hindi dapat maging magulo ang isip mo sa puntong ito. Sa sandaling lumitaw ang ganitong uri ng sitwasyon, dapat mong mapagtanto: “May mali. May gagawin ang anticristo. Pinupuntirya niya ang pera ng iglesia. Maaaring nagpaplano siyang makipag-alyado sa malaking pulang dragon para bumuo ng mga plano para kuhain ang pera ng iglesia. Kailangan nating mailipat ito agad!” Sa isang banda, hindi mo puwedeng hayaang malaman ng mga anticristo kung sino ang namamahala sa mga pananalapi ng sambahayan ng Diyos. Dagdag pa rito, kung nararamdaman ng mga taong namamahala sa pera na may panganib sa seguridad, dapat agad na mailipat kapwa ang pera at ang mga taong namamahala rito. Hindi ba’t isa itong bagay na dapat alalahanin ng mga lider at manggagawa, at ang gawaing dapat nilang gampanan? (Oo.) Sa kabaligtaran, naririnig ng mga hangal na lider na sinasabi ng mga anticristo ang mga bagay na ito pero iniisip nila, “Nagdadala ng pasanin ang taong ito at alam niya kung paano magpakita ng malasakit sa pera ng sambahayan ng Diyos, kaya bigyan natin siya ng ilang responsabilidad at hayaan siyang tumulong sa pag-a-account.” Sa paggawa nito, hindi ba’t naging mga Hudas na sila? (Oo.) Bukod sa nabigo silang protektahan ang mga handog, ipinagkanulo pa nila ang mga ito sa mga anticristo, kaya talagang nagiging mga Hudas sila. Ano ang tingin mo sa mga lider at manggagawang ito? Hindi ba’t masasamang tao sila? Hindi ba’t mga diyablo sila? Bukod sa nabigo silang tuparin ang mga responsabilidad nila, ipinasa rin nila sa mga anticristo ang mga handog sa Diyos at ang mga kapatid. Samakatwid, sa mga lugar kung saan may mga anticristo, kapag natuklasan ng mga lider at manggagawa ang anumang pahiwatig nito, dapat silang magsimula ng imbestigasyon at gumawa ng ilang partikular na gawain, kung saan ang gawain ng “pagsusubaybay” ay hindi puwedeng mawala.

Ang gawain ng pagsusubaybay na isinasagawa ng mga lider at manggagawa ay hindi tungkol sa pagsasagawa ng pag-eespiya o anumang aktibidad na nagmamanman; tungkol lang ito sa pagtupad sa responsabilidad mo, pagiging mas mapag-alala, mas pagmamasid nang maingat, at pagtatala sa kung ano ang ginagawa ng mga anticristo at kung ano ang balak nilang gawin. Kung makatuklas ka ng anumang palatandaang gumagawa sila ng kasamaan at na ginugulo nila ang iglesia, dapat kang gumawa ng mga kontra-hakbang sa lalong madaling panahon; hinding-hindi mo sila puwedeng tulutan na magtagumpay. Ito ay paghadlang, sa abot ng makakaya, sa mga insidenteng dulot ng mga anticristo na nakakagulo sa gawain ng iglesia. Natural na napapangalagaan din nito ang gawain ng iglesia at napoprotektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Isa itong pagpapamalas ng mga lider at manggagawang tumutupad sa mga responsabilidad nila. Ang pagsusubaybay ay hindi nangangahulugan ng pagsasaayos ng ilang tao na kumilos bilang mga espiya, at inuutusan silang sundan, buntutan, at manmanan ang mga tao na parang mga espiya, o paghahalughog sa bahay ng mga ito at paggamit ng matitinding pamamaraan ng interogasyon. Hindi nakikisangkot ang sambahayan ng Diyos sa

gayong mga aktibidad. Gayumpaman, dapat agad mong maunawaan ang sitwasyon ng mga anticristo. Puwede kang magtanong tungkol sa sitwasyon nila kamakailan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga kapamilya nila o sa mga kapatid na nakakakilatis sa kanila o kaya ay pamilyar sa kanila. Hindi ba't lahat ng ito ay mga pamamaraan at gawi para sa paggawa ng gawaing ito? Kung ginagampanan ng mga lider at manggagawa ang mga gampaning nasa saklaw ng mga responsabilidad nila at tumutugon sa mga prinsipyong hinihingi ng Diyos, tinutupad nila ang mga responsabilidad nila. Ano ang layon ng mga lider at manggagawang tumutupad sa mga responsabilidad nila? Ito ay para gawin mo ang lahat ng kaya mo para pigilan ang mga anticristo na magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa abot ng makakaya, at sa gayon ay mapigilan ang mga anticristo na mapinsala ang hinirang na mga tao ng Diyos at ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Hindi ba't napipigilan nito ang paglitaw ng mga insidente ng anticristo sa abot ng makakaya? Hindi ba't ang mga lider at manggagawa na gumagawa ng mga kilos na ito ay ginagawa ang lahat ng posible para sa tao? (Oo.) Mahirap bang gawin ito? (Hindi.) Hindi ito mahirap; isa itong bagay na kayang makamit ng mga nakakaunawa sa katotohanan. Kung ano ang kayang makamit ng mga tao, dapat nilang gawin ang lahat ng magagawa nila para maisakatuparan ito; ang lahat ng iba ay ang Diyos na ang gagawa, para gamitan Niya ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, pamatnugutan, at gabayan. Ito ang pinakahindi natin inaalala. Nasa likod natin ang Diyos. Bukod sa nasa puso natin ang Diyos, may tunay na pananalig din tayo. Hindi ito espirituwal na pagsuporta; sa katunayan, hindi man nakikitang naririyan ang Diyos, nasa piling Siya ng mga tao, palaging kasama nila. Sa tuwing gumagawa ng anumang bagay ang mga tao o gumagawa ng anumang tungkulin, nanonood Siya; naroon Siya para tulungan ka sa anumang oras at saanmang lugar, inaalagaan at pinoprotektahan ka. Ang dapat gawin ng mga tao ay gawin ang pinakamakakaya nila para isakatuparan ang dapat nilang isakatuparan. Hangga't may kamalayan ka, nakadarama sa puso mo, nakakakita sa mga salita ng Diyos, napapaalalahanan ng mga tao sa paligid mo, o nabibigyan ng anumang tanda o pahiwatig ng Diyos na nagbibigay sa iyo ng impormasyon—na isa itong bagay na dapat mong gawin, na ito ang atas ng Diyos sa iyo—kung gayon, dapat mong tuparin ang responsabilidad mo at hindi lang basta umupo sa isang tabi o manood sa gilid. Hindi ka isang robot; may utak at mga kaisipan ka. Kapag may nangyayari, alam na alam mo ang dapat mong gawin, at tiyak na mayroon kang mga damdamin at kamalayan. Kaya ilapat mo ang mga damdamin at kamalayang ito sa mga aktuwal na sitwasyon, isabuhay at gawin mong mga kilos ang mga ito, at sa ganitong paraan, matutupad mo ang responsabilidad mo. Para sa mga bagay na maaari kang magkaroon ng kamalayan, dapat kang magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyong nauunawaan mo. Sa ganitong paraan, ginagawa mo ang pinakamakakaya mo at nagsisikap ka nang husto para gawin ang tungkulin mo. Bilang isang lider o manggagawa, kapag nagsisikap ka nang husto, ibig sabihin, kapag pinipigilan mo ang masasamang

gawa ng mga anticristo sa abot ng makakaya mo, malulugod ang Diyos na kaya mong magsagawa sa ganitong paraan. Bakit malulugod ang Diyos? Tutukuyin ng Diyos ang gayong mga lider at manggagawa: Tinutupad nila ang mga responsabilidad nila at nagsisikap sila nang husto para gampanan ang gawaing likas sa papel nila. Pagsang-ayon ba ito ng Diyos? (Oo.)

VI. Pagpapatalsik

Ang ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay kinabibilangan ng mga partikular na gampaning kailangan nilang isagawa, at ang ilan sa mga ito ay inilista natin: Dapat nilang isagawa ang paglalantad, pagpupungos, paghihimay, paglilimita, at pagsusubaybay sa mga anticristo. Tapos na ang pagbabahagi tungkol sa mga pangunahing prinsipyong ito. Anuman ang mga partikular na aksiyong ginagawa ng mga lider at manggagawa sa mga espesyal na sitwasyon, nananatiling hindi nagbabago ang mga prinsipyo sa pangangasiwa sa mga anticristo. Bukod dito, ang pangunahing layon ng mga gampaning ito ay ang protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ipagpalagay nang nagkaisa na ang hinirang na mga tao ng Diyos na kilalanin ang isang tao bilang isang anticristo, at nakilatis at lubos nilang natukoy na ang anticristo ay palaging naghahangad na ilihis at kontrolin ang mga tao; alam nila na hangga't nariyan ang anticristo, walang magiging maayos na araw o mabuting buhay iglesia, at nagkakaisa ang lahat na igiit na paalisin ang anticristo sa iglesia. Sa ganitong mga sitwasyon, itinataguyod pa rin ng ilang lider at manggagawa na panatilihin ang anticristo para gamitin bilang pagsasanay para sa pagsasagawa ng paglalantad, pagpupungos, paghihimay, paglilimita, at pagsusubaybay—kailangan pa bang dumaan sa mga prosesong ito? Maaaring sabihin ng ilang lider at manggagawa, "Kung hindi tayo daraan sa mga prosesong ito, hindi ba't pinapabayaan ko ang mga responsabilidad ko? Sa pamamagitan lang ng pagdaan sa mga prosesong ito nabibigyang-diin ang papel ko bilang lider. Kailangan kong isagawa ang gawaing ito. Sumasang-ayon man ang mga kapatid o hindi, kailangang hayaan ko munang manatili ang anticristo. Ilalantad ko muna siya, pagkatapos ay pupungusan at hihimayin ko siya, at hahayaan ko ang mga kapatid na higit pang kumpirmahin na isa nga siyang anticristo. Kapag sumasang-ayon na ang lahat, saka natin siya papaalisin o papatalsikin. Hindi ba't magiging mas epektibo ito?" Bilang resulta, sa panahong ito, muling nagpapakalat ng mga kuru-kuro ang anticristo para muling ilihis ang mga tao at guluhin ang gawain ng iglesia, na nagdudulot ng pangamba sa lahat, ayaw pa ngang dumalo ng ilan sa mga pagtitipon. Para ipakita ang determinasyon nila at patunayang hindi nila pinapabayaan ang mga responsabilidad nila, ang mga lider at manggagawang ito ay paimbabaw na iniraraos lang ang mga bagay-bagay at pinapatagal ang gawain. Dahil dito, gumagawa sila ng maraming bagay na hindi naman kinakailangan, ginugulo nila ang kaayusan ng buhay iglesia, at sinasayang nila ang mahalagang oras ng hinirang na mga tao ng Diyos sa paghahangad sa katotohanan, at pagkatapos ay saka lang nila pinapaalis ang anticristo. Katanggap-

tanggap ba ang pamamaraang ito? (Hindi.) Ano ang mali rito? (Pagsunod lang ito sa mga regulasyon at pagraos lang ng mga bagay-bagay.) Ano ang layon ng mga lider at manggagawa sa paggawa ng mga gawaing ito? (Para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos.) Kaya, kung hindi pa nakikilatis ng ilang tao ang anticristo at medyo malapit pa rin ang loob nila rito, at kapag nagpasya ang mga lider at manggagawa na patalsikin sa iglesia ang anticristo, nagagalit ang ilang tao, sinasabing ang sambahayan ng Diyos ay hindi mapagmahal o patas sa mga tao, walang mga prinsipyo sa paggawa nito ng mga bagay, at iba pa, at maging ang ilang taong magulo ang isip ay nalilihis at naiimpluwensiyahan ng anticristo at gusto nilang sumunod sa anticristo palabas ng iglesia—ano ang dapat gawin sa sitwasyong ito? Sa panahong ito, kailangang gumawa ng mga lider at manggagawa ng ilang mahalagang gawain, tulad ng pagsasagawa ng pagpupungos sa anticristo at paggamit ng mga salita ng Diyos para ilantad at himayin ang anticristo para praktikal na matuto ng mga aral ang mga kapatid at sa huli ay makilatis nila ang anticristo. Isang araw, sasabihin nila, “Labis na kasuklam-suklam ang taong ito. Isa nga siyang masamang tao at isang anticristo. Alisin na natin siya agad!” Hindi lang ito boses ng isang tao kundi boses ng maraming kapatid. Sa ganitong kaso, kailangan pa bang gawin ang gawain ng paglilimita at pagsusubaybay sa anticristo? Hindi, patalsikin na lang siya nang direkta. Ang mga lider at manggagawang umabot sa ganitong antas sa gawain nila ay nakamit na ang resulta ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pamiminsala ng mga anticristo. Ano ang pinapatunayan nito? Sa isang aspekto, pinapatunayan nito na ang mga kapatid sa iglesiang ito ay may pagkilatis, kakayahan, at pagpapahalaga sa katarungan. Sa isa pang aspekto, maaaring may kakayahan ang mga lider at manggagawa na gumawa ng aktuwal na gawain, o maaaring masyadong lantad ang mga kilos ng anticristong ito, masyadong masama at masyadong buktot ang pagkatao niya, na pumupukaw sa galit ng publiko, at siya mismo ang sumisira sa sarili niyang kinabukasan, na nagliligtas sa mga lider at manggagawa mula sa maraming proseso ng pangangasiwa sa kanya. Hindi ba’t nakakatipid ito ng malaking pagsisikap? Sa gayong sitwasyon, isang mabuting bagay ang pagpapaalis o pagpapatalsik sa kanya, hindi ba? Bukod dito, ang gawain na kailangang gawin ng mga lider at manggagawa ay malawak at hindi limitado sa iisang gampaning ito. Iniisip mo bang ang pagpapatalsik sa anticristo ang katapusan nito? Na ganap mo nang nagawa nang matagumpay ang lahat? Malayo ka pa! May iba ka pang gawaing kailangang gawin. Bukod sa pangangasiwa sa mga anticristo at pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pamiminsala ng mga anticristo, may responsabilidad din ang mga lider at manggagawa na akayin ang hinirang na mga tao ng Diyos sa realidad ng mga salita ng Diyos, na akayin silang lutasin ang mga tiwaling disposisyon nila, at akayin silang lutasin ang mga disposisyon nila ng mga anticristo, kasama ng marami pang ibang mahahalagang gampanin. Gayumpaman, kung lilitaw ang isang anticristo habang ginagawa ang mga gampaning ito, nagiging pangunahing priyoridad ang pangangasiwa sa anticristo. Dapat munang ilantad at pangasiwaan ang anticristo, at pagbahaginan din

ang iba pang mga aspekto ng katotohanan. Kung lilitaw ang panggugulo ng anticristo at nagiging napakahirap na para magpatuloy ang iba pang gawain, at nahahadlangan at napapakialaman ang gawaing iyon at lubhang nakakaapekto ang anticristo sa paglago ng buhay ng mga kapatid, sa kaayusan ng buhay iglesia, at sa kapaligiran para sa paggawa ng mga tungkulin, siyempre, kailangang tugunan muna ang pinakamalaking panganib at ugat ng sakuna. Pagkatapos mapaalis at mapangasiwaan ang anticristo ay saka lang makakapagpatuloy nang normal at maayos ang ibang gawain. Kaya, kung lilitaw ang isang anticristo sa isang iglesia at agad siyang makikilatis ng mga kapatid pagkatapos lang ng maikling panahon at magkakaisa sila sa pagsasabi, “Lumayas ka, anticristo!” hindi ba’t nakakatipid ito ng maraming pagsisikap para sa mga lider at manggagawa? Hindi ba’t dapat kang lihim na matuwa? Maaaring sabihin mo, “Nag-alala ako na hindi ko magagawang limitahan ang anticristong ito, ang diyablong ito. Nag-alala rin ako na malilihis at lubhang mapapahamak niya ang ilang kapatid, at na masyadong maliit ang sarili kong tayog para ilantad ang diwa ng anticristo, para lubusang himayin ang mga usaping ito, at para lutasin ang problemang ito.” Ngayon, hindi na kailangang mag-alala. Sa isang pahayag na ito ng mga kapatid, nalutas na ang isyu, at nawala na ang “pasanin” ng mga lider at manggagawa. Napakaganda nito! Dapat kang magpasalamat sa Diyos; biyaya ito ng Diyos! Malamang na nangyayari ang ganitong bagay sa iglesia, dahil marami nang natalakay tungkol sa paksa ng paglalantad sa mga anticristo, at dahil hindi naman labis na mas mababa ang mga kapatid kaysa sa mga lider at manggagawa, gaya ng maaaring inaakala mo. Sa ilalim ng patnubay ng mga salita ng Diyos, may kaunting abilidad din silang arukin nang mag-isa ang katotohanan at lutasin ang mga problema. Kapag nagkaisa silang bumoto at patalsikin ang isang anticristo, isa itong mabuting bagay, isang mabuting pangyayari! Ang mga lider at manggagawa ay hindi kailangang malungkot, madismaya, o maging negatibo tungkol dito. Matapos paalisin ang mga hadlang na ito, ang mga anticristo, ang bawat hakbang ng susunod na gawain ay nananatiling isang matinding pagsubok para sa mga lider at manggagawa. Ang bawat gampaning kailangan nilang gawin ay may kinalaman sa mga responsabilidad at mga isyu nila tungkol sa kanilang kakayahan at kapabilidad sa gawain.

Ang mga Pagpapamalas na Ipinapakita ng mga Huwad na Lider Kapag Nagdudulot ng mga Kaguluhan ang mga Anticristo

Natapos na tayong magbahagi tungkol sa ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo, at bigyan sila ng kakayahan na kilatisin ang mga anticristo at talikuran ang mga ito mula sa puso nila.” Susunod, hihimayin at ilalantad natin ang mga pagpapamalas ng isang uri ng mga tao na hindi kayang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang mga huwad na lider—sa pamamagitan ng paghahambing ng mga ito sa gawaing dapat na isakatuparan ng mga lider at manggagawa. Sa paggawa ng gawaing ito, maraming

gampanin ang kailangang gawin ng mga lider at manggagawa, na hinihinging magkaroon sila ng partikular na kakayahan, na sila ay maging maingat, masinop, masigasig, responsable, mapagsaalang-alang sa pasanin ng Diyos, magkaroon ng mapagmahal na pusong nagpoprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos, at iba pa. Sa pagkakaroon lang ng mga katangiang ito nila matutupad ang mga responsabilidad at obligasyon nila. Gayumpaman, ganap na salungat dito ang mga huwad na lider; wala sila ng mga katangiang ito sa pagkatao nila. Maaaring may taglay silang partikular na kakayahan, may abilidad na makaarok sa katotohanan at makilatis ang mga anticristo, o maaaring mas mahina nang kaunti ang kakayahan nila, nagagawa nilang makilatis kahit papaano ang ilan sa halatang anticristo na gumagawa ng maraming masamang gawa kahit hindi nila ganap na makilatis ang kalikasang diwa ng mga anticristo; o, maaaring napakahina ng kakayahan nila na hindi nila kayang makilatis o maunawaan ang mga pagkakaiba ng mga taong may diwa ng mga anticristo at ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo. Ano't anuman, ipinapakita ng mga huwad na lider ang dalawang pagpapamalas na ito: Ang una ay na hindi sila gumagawa ng aktuwal na gawain; ang isa pa ay na gumagawa lang sila ng paimbabaw, pangkalahatang usaping gawain, habang ganap na hindi nila kayang lutasin ang mga tunay na problema o gumawa ng aktuwal na gawain. Sa gawaing nauugnay sa ikalabintatlong responsabilidad, nananatiling kitang-kita ang dalawang katangi-tanging pagpapamalas na ito ng mga huwad na lider. Susunod, magbabahaginan tayo kung ano ang mga partikular na pagpapamalas na mayroon sila.

I. Hindi Paglalantad at Pangangasiwa sa mga Anticristo Dahil sa Takot na Mapasama ang Loob ng mga Ito

Kapag ginugulo, nililihis, kinokontrol, o lubhang pinipinsala ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, ang unang pagpapamalas ng mga huwad na lider ay ang kawalan ng aksiyon. Ano ang ibig sabihin ng kawalan ng aksiyon? Ang ibig sabihin nito ay hindi paggawa ng aktuwal na gawain. May mga dahilan sa likod ng hindi paggawa ng aktuwal na gawain, pangunahing dahil sa takot na makapagpasama ng loob ng mga tao at kawalan ng lakas ng loob na itaguyod ang mga prinsipyo. Pagkatapos maging lider, nagsisimula ang mga taong ito na ipagyabang ang kapangyarihan nila, iniisip nila, "May katayuan na ako ngayon, at isa akong opisyal ng iglesia. Kailangan kong pamahalaan ang pagkain, pananamit, tirahan, at transportasyon ng mga kapatid; kailangan kong kilatisin kung ang sinasabi ng mga kapatid ay naaayon sa katotohanan at tumutugon sa kagandahang-asal ng mga banal. Kailangan kong makita kung sinsero ba sila sa Diyos, kung normal ba ang mga espirituwal na buhay nila, kung nagdarasal ba sila sa umaga at gabi, kung normal ba ang mga karaniwang pagtitipon nila—kailangan kong pamahalaan ang lahat ng ito." Nakatuon lang ang mga huwad na lider sa mga isyung ito. Sa usapin ng mga pormalidad, tila tinutupad nila ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pero kapag lumilitaw ang mahahalagang isyu ng prinsipyo, o kahit kapag lumilitaw ang mga anticristo, nagtatago sa dilim ang mga huwad na lider nang hindi

umiimik, kung saan nananatili silang tahimik at nagpapanggap na walang alam at walang napapansing anumang bagay. Anumang mga panlilinlang ang ipinapakalat ng mga anticristo, nagpapanggap silang hindi ito naririnig. Kapag ang mga anticristo ay nanggugulo, nanlilihis, at kumokontrol sa hinirang na mga tao ng Diyos, nagpapanggap din silang walang alam, na parang naglalaho ang lahat ng impormasyong ito pagdating sa kanila. Nagpapanggap silang hindi nila makilatis ang mga anticristo na nakikilatis kahit ng mga ordinaryong kapatid, sinasabi nila, “Hindi ko sila makilatis. Paano kung maling tao ang mapatalsik ko? Paano kung mali ang pagkilatis ko sa mga kapatid? Bukod dito, kailangan pa rin ng sambahayan ng Diyos ng mga taong magbibigay ng serbisyo!” Ginagamit nila ang lahat ng uri ng palusot para umiwas sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, iniiwasan nila ang pangangasiwa sa mga anticristo at hindi nila pinoprotektahan ang mga kapatid mula sa pamiminsala ng mga anticristo. Sinasabi pa ng ilang huwad na lider, “Kung palagi kong ilalantad ang mga anticristo, paano kung udyukan nila ang mga kapatid na batikusin ako? Kapag nagkagayon, wala nang boboto sa akin sa susunod na halalan, at hindi na ako magiging lider. Hindi kasinglakas ng sa kanila ang impluwensiya ko!” Para maprotektahan ang kanilang katayuan at personal na kaligtasan, hinding-hindi tinutupad ng mga huwad na lider ang responsabilidad nila na protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos, ni hindi nila pinipigilan, sa abot ng makakaya nila, ang pamiminsala ng mga anticristo sa mga kapatid. Kumikilos sila kapwa bilang mapagpalugod ng tao at bilang isang pagong na nagtatago sa talukab nito, habang kasabay nito, nagiging makasarili at kasuklam-suklam sila. Hindi nila pinoprotektahan ang mga kapatid pero masinsin nilang pinag-iisipan kung paano poprotektahan ang sarili nila. Pagdating sa pangangasiwa sa mga anticristo o pagpupungos at paglalantad sa kanila para magkamit ng pagkilatis ang mga kapatid, takot na takot sila, nag-aalalang mawawala ang katayuan nila, at nararamdaman nilang nakakasama sa kanila ang paggawa niyon. Ganap nilang binabalewala ang mga interes ng hinirang na mga tao ng Diyos, isinasaalang-alang lang ang sarili nilang mga interes, reputasyon, personal na kaligtasan, at ang kaligtasan ng pamilya nila, natatakot silang kapag napasama nila ang loob ng mga anticristo nang hindi nila sinasadya, maaaring maging mapanlaban na walang awa ang mga anticristo at gantihan sila. Sa aktuwal, may kaunting kakayahan ang ganitong uri ng huwad na lider. Dahil sa kanyang kakayahan at kabatiran, alam na alam niya kung sino ang mga anticristo, pero ang problema ay ang takot niyang mapasama ang loob ng mga anticristo. Dahil nakikita niya ang malupit na disposisyon ng mga anticristo, hindi siya nangangahas na mapasama ang loob ng mga ito. Gayumpaman, para protektahan ang sarili niya, hindi siya nag-aalinlangang isakripisyo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng hinirang na mga tao ng Diyos; wala siyang pakialam habang pinapanood niyang inihahain ang mga kapatid sa mga anticristo, tinutulutan ang mga anticristo na ilihis, kontrolin, at lubhang pinsalain ang mga kapatid ayon sa gusto ng mga anticristo. Kapag walang nakakakita, paminsan-minsan lang na sinasabi ng mga huwad na lider sa ilang taong totoo at may mabuting pagkatao na hindi banta sa kanila, “Anticristo ang

taong iyon. Nililihis niya ang iba. Hindi siya isang mabuting tao.” Gayumpaman, sa harap ng lahat ng kapatid at sa harap ng mga anticristo, hindi sila kailanman nangahas na magsabi ng kahit isang “hindi” sa mga anticristo. Hindi sila kailanman nagkaroon ng lakas ng loob na ilantad ang anumang masamang gawa o ang diwa ng mga anticristo. Kahit sa mga pagtitipon, kapag minomonopolisa ng mga anticristo ang talakayan at nagsasalita ang mga ito sa loob ng isa o dalawang oras, hindi sila nangangahas na umimik. Kapag hinampas ng mga anticristo ang lamesa at tiningnan nang masama ang mga tao, ni hindi rin sila nangangahas na huminga nang masyadong malakas. Sa loob ng saklaw ng gawain nila, iyong mga may mababang tayog, iyong mga may duwag na pagkatao, at iyong mga gustong maghangad sa katotohanan pero hindi pa nagkakamit ng pagkilatis ay nababagabag dahil walang lider o manggagawang kayang kumilos para ilantad at kilatisin ang masasamang gawa ng mga anticristo. Wala silang magawa kundi panoorin ang mga anticristo na kumilos na parang tirano sa iglesia, kumikilos nang sutil at walang pakundangan at ginugulo ang buhay iglesia, nang walang anumang paraan para kontrahin ang mga ito. Samantala, ang mga huwad na lider ay hindi gumagawa ng anumang aktuwal na gawain at hindi nilulutas ang mga tunay na problema para sa hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag nagkakaproblema ang mga kapatid, bukod sa nabibigo ang mga huwad na lider na ilantad at limitahan ang masasamang gawa ng mga anticristo, ni hindi rin sila nangangahas na magsalita ng kahit isang salita ng pagiging patas. Kahit pa may maramdaman ang konsensiya nila at usigin sila nito nang kaunti, at lumuluha sila nang bahagya habang nananalangin sa Diyos sa pribado, kinabukasan sa pagtitipon, kapag nakita nilang muling nagsasabi ng mga iresponsableng komento ang mga anticristo tungkol sa gawain ng sambahayan ng Diyos at basta-basta itong hinuhusgahan ng mga anticristo, hinuhusgahan pa nga nang hindi direkta ang Diyos at nagpapakalat ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, wala silang ginagawa tungkol dito kahit alam nilang mali ito. Kahit pa makita nilang naglulustay ng mga handog ang mga anticristo, mapagsawalang-bahala ang saloobin nila rito. Hinding-hindi nila inilalantad o nililimitahan ang mga anticristo, pero wala man lang silang nararamdamang kahit kaunting panunumbat sa puso nila—napakairesponsable nito! Ang sinumang may kaunting pakiramdam ng konsensiya, kahit na maramdaman nilang masyadong mahina ang sarili nilang kapangyarihan, ay dapat makipagkaisa sa mga kapatid na may kaunting tayog at pagkilatis para makipagbahaginan tungkol sa usaping ito at talakayin kung paano papangasiwaan ang mga anticristo. Pero walang gayong determinasyon at lakas ng loob ang mga huwad na lider, at higit pa rito, wala silang gayong pagpapahalaga sa responsabilidad. Sinasabi pa nila sa mga kapatid, “Masyadong malupit ang mga anticristo. Kung mapapasama natin ang loob nila, isusumbong nila tayo sa gobyerno, at hindi na tayo makakapanampalataya sa Diyos. Alam ng mga anticristo ang mga lugar ng pagtitipon ng iglesia, kaya hindi natin sila puwedeng galitin.” Ganap na ito ang pangit na asal ng pagpapasakop at pagsuko sa mga anticristo, ng pakikipagkompromiso kay Satanas at pagmamakaawa rito.

Bukod sa pagprotekta sa sarili nila, hindi gumagawa ang mga huwad na lider ng anumang gawaing dapat ginagawa ng mga lider at manggagawa, tulad ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos at pagtulong sa kanila na magkamit ng pagkilatis sa mga anticristo, at wala talaga silang tinutupad na anumang responsabilidad, pero palagi nilang gusto na ihalal sila ng mga kapatid bilang lider. Kapag nakatapos na sila ng isang termino, gusto nilang mahalal uli sa susunod. Hindi ba't kawalan ito ng kahihiyan at hindi na matutubos? Karapat-dapat ba ang gayong mga tao na maging lider? (Hindi.) Ipinagkakatiwala sa iyo ng sambahayan ng Diyos ang kawan, pero kapag dumarating ang mababangis na hayop, sa kritikal na sandali, iniingatan mo lang ang sarili mo at inihahain mo ang kawan sa mababangis na hayop. Umaakto kang parang isang takot na pagong, naghahanap ng masisilungan, ng isang ligtas na lugar, para doon ka makapagtago. At bilang resulta, napapahamak ang kawan—ang ilang tupa ay kinakagat hanggang sa mamatay, at ang ilan ay naliligaw. Ipagpalagay nang nakikita ng isang lider ang mga anticristo na walang habas na ginugulo ang gawain ng iglesia at nililihis at kinokontrol ang hinirang na mga tao ng Diyos, pero mapagsawalang-bahala lang ang saloobin niya para protektahan ang sarili niyang reputasyon, katayuan, at kabuhayan, at para matiyak ang sarili niyang kaligtasan. Bilang resulta, karamihan sa hinirang na mga tao ng Diyos ay nalilihis, nakakaramdam ng kawalan ng pag-asa, at nagiging negatibo at mahina; ang ilan pa nga ay nahuhulog sa impluwensiya ng mga anticristo, at ang iba naman ay ayaw nang gawin ang mga tungkulin nila. At gayumpaman, walang nararamdaman ang lider na ito kapag nakikita niya ang mga kaguluhang dulot ng mga anticristo; walang nararamdamang pang-uusig ang konsensiya niya. May anumang pagkatao ba ang ganitong uri ng lider o manggagawa? Para matamo ang sarili niyang layong manatiling ligtas, hindi siya nag-aalinlangang ihain ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga anticristo at hayaan ang mga anticristo na ilihis, lubhang pinsalain, at wasakin ang mga ito. Anong uri ng lider ito? (Isang huwad na lider.) Hindi ba't isa itong kasabwat ni Satanas? Nasa kaninong panig ba talaga siya? Bagama't inilalarawan siya bilang isang huwad na lider, maaaring mas malubha pa ang diwa ng isyung ito kaysa sa pagiging isang huwad na lider. May kalikasan ito ng pagkakanulo sa mga kapatid, tulad lang ng mga taong iyon na inaresto at pinahirapan at naging mga Hudas, inihahain ang mga kapatid sa malaking pulang dragon para lubhang mapinsala. Kaya, ano ang kalikasan ng isang huwad na lider na inihahain ang hinirang na mga tao ng Diyos sa mga anticristo? Hindi ba't ubod ng sama ang gayong mga huwad na lider? Kung ihahambing sa mga anticristo, sa panlabas, ang mga huwad na lider na ito ay tila walang intensyong labanan ang katotohanan. Tila kaya nilang makipagbahaginan tungkol sa ilang katotohanan, tila mayroon silang kaunting abilidad na makaarok, at isagawa ang kaunting katotohanan, at ang ilan sa kanila ay kaya pa ngang magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga. Pero, kapag ipinagkakatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos ang kawan ng Diyos, at kapag lumilitaw ang masasamang tao at mga demonyo, hindi nila ginagamit ang sarili nilang buhay para gawin ang lahat ng makakaya nila para

protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos. Sa halip, ginagawa nila ang lahat ng magagawa nila para protektahan ang sarili nila, itinutulak palabas ang mga kapatid para maging pananggalang para maprotektahan ang sarili nilang kaligtasan at mga interes. Sobrang kasuklam-suklam at makasarili ang mga taong ito! Sa panlabas, tila walang malaking isyu sa pagkatao nila. May pagmamahal sila para sa mga tao, kaya nilang tumulong sa iba, handa silang magbayad ng halaga at kaya nilang tiisin ang anumang hirap habang ginagawa ang mga tungkulin nila. Gayumpaman, kapag lumilitaw ang mga anticristo, may ginagawa sila na hindi inaasahan at hindi maarok: Gaano man nililihis ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos o ginugulo ang buhay iglesia, wala silang ginagawa, at gaano man karaming tao ang inaatake, ibinubukod, o pinipinsala ng mga anticristo, hindi nila ito pinapansin. Sa paggawa niyon, ganap nilang inihahain ang hinirang na mga tao ng Diyos sa kontrol ng mga anticristo, tinutulutan ang mga anticristo na ilihis at lubhang pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos ayon sa gusto ng mga ito, habang ang mga lider na ito mismo ay walang kahit anong ginagawang gawain. Kapag naalis na ang mga anticristo at nalutas na ang problema, saka lumalabas ang mga lider na ito para makipagbahaginan tungkol sa kanilang pagkakilala sa sarili, kung paano sila naging mahina, duwag, takot, makasarili, at mapanlinlang, at na hindi sila naging tapat, hindi nila pinrotektahan nang maayos ang hinirang na mga tao ng Diyos, at binigo nila ang Diyos at ang mga kapatid. Tila labis silang nagsisisi; tila itinuwid na nila ang sarili nila at kaya na nilang magbago. Gayumpaman, kapag muling lumilitaw ang mga anticristo, itutulak nila ang mga kapatid papunta sa mga anticristo gaya ng ginawa nila dati, at naghahanap sila ng ligtas na lugar para doon sila magtago. Bagama't hindi sila mismo nailihis o napinsala ng mga anticristo, naging pabaya sila sa mga responsabilidad nila at ipinagkanulo nila ang atas ng Diyos, at ganap nang nalantad ang saloobin nila sa tungkulin nila, ang saloobin nila sa hinirang na mga tao ng Diyos, at ang tunay nilang pagkatao. Sa tuwing lumilitaw ang mga anticristo, hindi nila pinipiling pumanig sa Diyos at labanan ang mga anticristo hanggang sa wakas, at hindi nila sinasabi ang kahit kaunti ng dapat na sabihin o ginagawa ang kahit kaunting gawain na dapat gawin para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos at para mapayapa ang konsensiya nila, at lalong hindi nila tinutupad ang mga responsabilidad ng mga lider para matugunan ang mga layunin ng Diyos. Ang lahat ng pagpili at kilos ng mga huwad na lider na ito ay ganap na para sa pangangalaga sa sarili nilang katayuan mula sa kapahamakan. Wala silang pakialam sa buhay o kamatayan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Para sa kanila, ayos lang ang lahat basta't hindi napipinsala ang sarili nilang reputasyon, mga interes, at katayuan. Kung sino ang naglalantad sa mga anticristo, kung sino ang nagpapatalsik sa mga anticristo, kung paano dapat pangasiwaan ang mga anticristo—para bang walang kinalaman sa kanila ang mga usaping ito; wala silang pakialam at hindi sila nakikialam. Kapag ginugulo ng mga anticristo ang buhay iglesia, kapag pinipinsala ng mga ito ang hinirang na mga tao ng Diyos, at idinidiin at pinapahirapan ang mga naghahangad sa katotohanan, binabalewala nila ito. Walang

halaga sa kanila ang mga bagay na ito; ayos lang itong lahat para sa kanila, hangga't hindi nanganganib ang katayuan nila. Ano ang tingin mo sa mga uri ng taong ito? Sa karaniwan, tila hindi naman masama ang pagkatao nila, at tila kaya nilang gumawa ng ilang gawain. Kapag nahaharap sila sa pagpupungos, tila kilala nila ang sarili nila at medyo nagsisisi ang puso nila. Gayumpaman, kapag nahaharap sila sa mga anticristong nanggugulo sa iglesia, ganap silang nawawala sa katwiran, wala silang pagpapahalaga sa katarungan, at wala sila kahit ang lakas ng loob na labanan ang mga anticristo. Kapag nakikita nila ang mga diyablo at mga Satanas, nakikipagkompromiso sila; kapag nakikita nila ang masasamang tao na nagdudulot ng mga kaguluhan, iniiwasan nila ang mga ito. Batay sa saloobin nila sa masasamang tao at mga anticristo, anong landas ba ang sinusunod nila? Hindi ba't lubos nitong inilalarawan ang isyu nila? (Oo.) Sa panlabas, maaaring tila hindi mukhang anticristo ang ganitong uri ng tao, pero ang saloobing ipinapakita nila sa mga kilos at ugali ng masasamang tao at mga anticristo ay ang mismong disposisyon ng mga anticristo, at kahindik-hindik ang kalikasan nito. Masasabing ito ang kalikasan ng pagsuko sa mga responsabilidad nila at pagkakanulo sa hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ba't napakalubha ng kalikasang ito? Nagpapakita ba sila ng anumang katapatan sa gawain ng iglesia at sa atas ng Diyos? Mayroon ba silang kahit katiting na saloobin ng responsabilidad? Kahit kailan sila pagkatiwalaan ng isang atas o gampanin, ang prinsipyo nila ay maiwasang mapasama ang loob ng mga tao at protektahan ang sarili nila. Ito ang pinakamataas nilang pamantayan sa pag-asal at ito ang prinsipyo nila sa paggawa ng mga bagay, at hindi ito kailanman magbabago. Isantabi muna natin ngayon ang tanong kung maliligtas ba ang gayong mga tao—kung batay lang sa usapin ng gawain ng pangangasiwa sa mga anticristo, karapat-dapat ba ang mga huwad na lider na ito sa pagtanggap sa atas ng Diyos? Karapat-dapat ba silang maging mga lider at manggagawa? (Hindi.) Ang mga taong ito ay hindi karapat-dapat na maging mga lider at manggagawa. Ito ay dahil wala silang konsensiya at katwiran, at hindi sila karapat-dapat sa pag-ako ng gawain ng pamumuno ng iglesia; hindi nila pinipigilan, sa abot ng kanilang makakaya, ang mga anticristo na pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos, at hindi rin nila ginagawa ang pinakamakakaya nila para tuparin ang responsabilidad na ito o gawin ang gawaing ito nang maayos para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos—hindi dahil sa mahina ang kakayahan nila at hindi nila ito kayang gawin, bagkus ay sadyang hindi nila ito ginagawa. Samakatwid, kung titingnan ito mula sa perspektibang ito, ang mga taong takot na mapasama ang loob ng iba ay ganap na hindi karapat-dapat na maging mga lider o manggagawa. Hindi ba't marami-rami ang ganitong lider at manggagawa? (Oo.) Kapag walang nangyayari, mas masigasig silang kumilos kaysa sa sinuman; napakaabala nila na ni hindi na sila makapagsuklay o makapaghilamos, tila naaabot na nila ang isang napakaespirituwal na antas. Pero kapag lumilitaw ang mga anticristo, naglalaho sila; naghahanap sila ng kung ano-anong palusot para makaiwas, at sadyang hindi nila pinapangasiwaan ang mga anticristo. Ano ang kalikasan ng pag-uugaling ito? Ito ay kawalan ng katapatan sa pagganap ng tungkulin

nila at pagiging hindi mapagkakatiwalaan. Sa mahahalagang sandali, nagagawa pa nga nilang ipagkanulo ang Diyos at pumanig kay Satanas, nagbubulag-bulagan sila habang nagugulo at napipinsala ng masasamang tao at mga anticristo ang gawain ng iglesia. Ni hindi sila kasingkapaki-pakinabang ng isang asong bantay. Isa itong uri ng huwad na lider.

II. Kawalan ng Kakayahang Kilatisin ang mga Anticristo

May isa pang uri ng huwad na lider: Kapag lumilitaw ang mga anticristo, hindi nila makilatis kung ano ang disposisyon at diwa ng mga ito, kung ano ang ipinapamalas at ibinubunyag ng mga ito, ang mga uri ng kaguluhang idinudulot ng mga ito sa mga kapatid, kung aling mga pahayag, kaisipan, pananaw, at pag-uugali ang puwedeng makalihis at makagulo sa mga kapatid, ang mga paraang ginagamit ng mga anticristo para kontrolin ang mga tao, sa anong mga kalagayan puwedeng malihis, makontrol, at lubhang mapinsala ng mga anticristo ang mga kapatid, at iba pa—hindi kayang kilatisin ng mga huwad na lider ang lahat ng isyung ito. Nililihis ng mga anticristo ang mga kapatid; sila at ang mga nalihis na kapatid ay humihiwalay sa iglesia para magdaos ng sarili nilang mga pagtitipon at magbuo ng mga nagsasariling kaharian. Hindi nila tinatanggap ang pamumuno ng sambahayan ng Diyos, hindi tinatanggap ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi nagpapasakop sa anumang pagsasaayos o patnubay mula sa sambahayan ng Diyos, lalong hindi nagpapasakop sa anumang hinihingi ng Diyos sa mga tao. Pero ang lahat ng gayong kilos ng mga anticristo para ilihis ang hinirang na mga tao ng Diyos ay hindi itinuturing ng mga huwad na lider bilang mga problema. Hindi nila makita kung ano ang mali sa mga sitwasyong ito, lalong hindi nila makita kung paanong ang mga salita, kilos, kaisipan, at pananaw ng mga anticristo ay nanggugulo, nanlilihis, at nakakapinsala sa mga tao. Hindi nila makita ang mga negatibong epektong ito at hindi nila alam kung paano kilatisin ang mga ito. Ang ilang ordinaryong kapatid, dahil marami na silang nakita at narinig, ay maaaring may kaunting pagkilatis, pang-unawa, at kamalayan, pero hindi makilala ng mga huwad na lider ang mga bagay na ito. Kahit na tukuyin ng isang tao na si Ganito-at-ganyan ay gumagawa ng ilang bagay para ilihis ang mga tao at bumubuo ng mga paksiyon kapag walang nakakakita, humahadlang pa rin ang mga huwad na lider, sinasabi nila, “Hindi natin puwedeng ipalaganap ang mga pahayag na ito. Huwag kang magdulot ng mga kaguluhan. Maganda ang ugnayan nila—ano ang mali kung nagbabahaginan sila nang magkakasama? Kailangan nating bigyan ng kalayaan ang mga tao!” Hindi pa rin nila ito makilala. Kung hindi nila makilala ang mga bagay-bagay, puwede silang magmasid at maghanap, at makipagbahaginan sa mga kapatid na nakakaunawa sa katotohanan at may kaunting pagkilatis. Subalit labis na mapagmagaling ang mga huwad na lider. Kapag pinapaalalahanan sila ng mga kapatid, hindi nila ito tinatanggap, iniisip nila, “Ikaw ba ang lider o ako? Dahil ako ang piniling maging lider, tiyak na mas nauunawaan ko ang katotohanan kaysa sa ordinaryong tao. Kung hindi, bakit ako ang pinili sa halip na ang iba? Patunay ito na mas magaling ako kaysa sa inyong lahat. Mas matanda o mas

bata man ako kaysa sa inyo, tiyak na mas mahusay ang kakayahan ko kaysa sa inyo. Kapag lumitaw ang isang anticristo, ako dapat ang unang makatukoy sa kanya. Kung mauuna kayo sa pagtukoy sa kanya, hindi ako sasang-ayon sa pagsusuri ninyo. Maghihintay tayo hanggang sa ako ang tumukoy sa kanya bago tayo gumawa ng anumang bagay!" Dahil dito, ang anticristo ay nagkakalat ng maraming maling paniniwala at panlilinlang sa mga kapatid, hayagang nilalabanan ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at hayagang nagpoprotesta at kumokontra sa iglesia, sa sambahayan ng Diyos, at sa mga pagsasaayos ng gawain mula sa ang Itaas. Hayagan pa ngang hinihikayat ng anticristo ang mga kapatid na sumama sa kanila sa mga eksklusibong pagtitipon kung saan nakikinig lang ang mga dumadalo sa pangangaral ng anticristo at tinatanggap nila ang pamumuno nito. Kahit na iyong mga may pinakamahinang kakayahan sa iglesia ay kayang makita na isang anticristo ang taong ito. Sa gayong sitwasyon lang inaamin ng mga huwad na lider: "Naku, isa siyang anticristo! Paanong ngayon ko lang ito napagtanto? Hindi, napagtanto ko na ito dati, pero hindi ako nagsalita dahil natatakot akong mababa ang tayog ng mga kapatid at wala silang pagkilatis." Nag-iimbento pa sila ng malaking kasinungalingan para sa sarili nila. Malinaw na ito ay dahil sila mismo ay manhid, mapurol ang utak, may mahinang kakayahan, at hindi kayang kilatisin ang anticristo kaya hinahayaan nilang magdusa ng labis na pamiminsala ang mga kapatid mula rito. Sa halip na makonsensiya, sinisisi nila ang mga kapatid sa pagsasalita ng walang katuturan, pagpapakalat ng mga walang batayang tsismis, maling pagkaunawa sa mga tao, at iba pa. Anong uri ng lider ito? Hindi ba't labis na magulo ang isip nila? Ang gayong lider ay talagang walang kakayahang pasanin ang gawain ng iglesia. Sa panlabas, madalas silang kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, nagdarasal, dumadalo sa mga pagtitipon, nakikinig sa mga sermon, nagsusulat ng mga espirituwal na tala, at nagsusulat ng mga artikulo ng patotoo, tila nagsisikap sila nang husto, pero kapag lumilitaw ang mga problema, hindi nila malutas ang mga ito, hindi mahanap ang katotohanan nang ayon sa mga salita ng Diyos, at tiyak na hindi nila makilatis ang mga anticristo batay sa mga salita ng Diyos. Ang mga huwad na lider ay karaniwang nakakapangaral sa loob ng isa o dalawang oras, at kapag nagbabahagi tungkol sa mga salita ng Diyos at sa mga sarili nilang karanasan, kaya nilang magsalita nang magsalita nang walang katapusan, pero kapag ang mga anticristo ay nagkakalat ng mga maling paniniwala at panlilinlang, nililihis ang mga kapatid at ginugulo ang gawain ng iglesia, wala silang masabi at wala man lang silang ginagawang gawain. Hindi lang sila nabibigong ipatupad ang anumang hakbang sa pag-iwas o akayin ang mga kapatid sa pagkilatis sa mga maling paniniwala at panlilinlang ng mga anticristo, bagkus, kahit nakikita nila ang mga pagkagambala at kaguluhang dulot ng mga anticristo, hindi nila inilalantad o hinihimay ang mga ito, ni hindi nila pinupungusan ang mga anticristo; wala silang ginagawang anumang gawain. Ano ang problema sa gayong mga tao? (Masyadong mahina ang kakayahan nila.) Kahit mahina ang kakayahan nila, ipinagyayabang pa rin nila na sila ay mga espirituwal na tao, mabubuting

lider, at mga taong naghahangad sa katotohanan at nagmamahal sa mga salita ng Diyos, at walang kahihiyan nilang sinasabing tinalikuran nila ang mga kasiyahan ng pamilya at laman para tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Sa realidad, sila ay totoong mga huwad na lider na iresponsable, walang konsensiya at katwiran, at labis-labis na manhid at mapurol ang utak—sila ay tunay na mga mapagpaimbabaw na Pariseo. Ang alam lang nila ay mangaral ng mga doktrina at sumigaw ng mga islogan. Kapag tinatanong sila ng mga tao, kaya nilang magpaulan ng mga teorya para ilihis ang mga ito, pero ang totoo, hindi talaga nila maipaliwanag nang malinaw ang mga katotohanang prinsipyo. Gayumpaman, iniisip nilang mayroon silang abilidad na makaarok at may pagkaunawa sa katotohanan. Sa puso nila, malinaw sa kanila na kapag naghahanap ng mga solusyon sa mga problema ang mga tao mula sa kanila, hindi sila nakapagbibigay ng mga sagot na naaayon sa katotohanan, pero nagpapanggap pa rin silang mabubuting lider at mga espirituwal na tao. Hindi ba't medyo walang kahihiyan ito? (Oo.) Karamihan ng huwad na lider ay may karaniwang katangian at karaniwang problema: kawalan ng kahihiyan. Inaakala nila na nagiging espirituwal na tao sila kapag may katayuan at titulo sila bilang lider, at kapag nagagawa nilang magsalita tungkol sa mga espirituwal na teorya. Dahil mas marami silang oras na ginugugol sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pakikinig sa mga sermon, at panonood ng mga video mula sa sambahayan ng Diyos, at dahil mas nakikipagbahaginan sila sa iba tungkol sa mga salita ng Diyos, naniniwala silang kaya nilang gawin ang gawain ng mga lider at manggagawa at tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Pero sa katunayan, kapag lumilitaw ang malaking isyu ng walang habas na panlilihis at panggugulo ng mga anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos, nanonood lang sila at wala silang magawa, at hindi nila alam kung aling mga bahagi ng mga salita ng Diyos ang gagamitin para iugnay at himayin ang mga anticristo, para magkaroon ng pagkilatis ang mga kapatid, tanggihan ang mga anticristo mula sa puso ng mga ito, at maiwasang malihis at makontrol ng mga anticristo. Bagama't nangangamba sila minsan sa loob-loob nila, iniisip pa rin nila na matagal na silang nananampalataya sa Diyos at nakapakinig na sila ng maraming sermon, at na nauunawaan nila ang katotohanan nang higit kaysa sa karaniwang tao at kaya nilang magsalita nang mahusay. Madalas silang nagyayabang: "Espirituwal ako. Kaya kong mangaral. Bagama't hindi ko kayang lutasin ang problema ng panlilihis at panggugulo ng mga anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos, at hindi ko kayang iugnay ang mga salita ng Diyos sa mga anticristo at makilatis sila, nagawa ko na ang gawaing dapat kong gawin at nasabi ko na ang dapat kong sabihin. Basta't nakakaunawa ang mga kapatid, ayos na iyon!" Tungkol naman sa kung ano ang pinakahuling resulta, kung naprotektahan ba ang hinirang na mga tao ng Diyos, hindi ito malinaw sa puso nila. Iniisip din nilang mautak sila at nagpapanggap na lumulutas sila ng mga problema, pero sa huli, puro salita at doktrina lang ang sinasabi nila nang hindi aktuwal na nilulutas ang mga isyu. Hindi nila kayang makipagbahaginan tungkol sa katotohanan para ilantad at himayin ang mga anticristo. Sa halip, naglilitanya lang sila

ng mga salita at doktrina para pangatwiranan at ipagtanggol ang sarili nila, nagsasalita sa loob ng isa o dalawang oras at lubos na nililito ang mga tao, na maging ang mga bagay na dating nauunawaan ng mga tao ay nagiging malabo. Nabibigo silang sagipin ang mga kapatid mula sa panlilihis ng mga anticristo, at nabibigo rin silang bigyang kakayahan ang mga kapatid na makilatis ang mga anticristo at tanggihan ang mga ito mula sa puso nila—hindi nila kailanman nakamit ang resulta ng pagprotekta sa mga kapatid. Kahit na nakikita nila ang ganitong kahihinatnan, inaangkin pa rin nila ang pagkakakilanlan bilang lider at hindi sila nagpapakumbaba para hanapin ang katotohanan kasama ng iba, o hindi nila iniuulat ang problema paitaas para maghanap ng mga solusyon. Hindi ba't walang-hiya ang gayong mga tao? Wala kang kuwenta, pero nagpapanggap ka pa rin. Bakit ka nagpapanggap? Dahil hindi mo naman kayang maging lider, bumaba ka na sa puwesto at magpanggap ka na lang sa ibang lugar. Hindi mo dapat pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos! Habang nagpapanggap ka, sinasamantala ng mga anticristo ang pagkakataon para gumawa ng napakaraming masamang bagay na gumugulo at kumokontrol sa mga tao, nililihis at pinipinsala ang marami! Sino ang mananagot dito? Hahanapin ng sambahayan ng Diyos kung sino ang may pananagutan!

Hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain ang ilang lider at manggagawa kapag nangangasiwa sa mga insidente ng mga anticristo, at hindi rin nila makilatis ang mga anticristo. Habang nililihis at kinokontrol ng mga anticristo ang mga kapatid, hindi nila kailanman tunay na inilalantad ang masasamang gawa at diwa ng mga anticristo, ni hindi nila maipaliwanag nang malinaw ang mga ito. Kalaunan, ang ilang hinirang na tao ng Diyos na may pagkilatis ang naglalantad at nagpapatalsik sa mga anticristo, at nararamdaman ng mga huwad na lider na sarili nila itong tagumpay. Pagkatapos mapatalsik ang mga anticristo, gumagawa sila ng buod at nagsasalita ng ilang doktrina: "Tingnan ninyo, kapag nagsasalita at kumikilos ang mga anticristo, nagiging hindi normal ang buhay iglesia, nagugulo ang mga tao, at nagdurusa ng mga kawalan ang buhay nila. Para maiwasan ang pamiminsala ng mga anticristo, dapat nating makilatis ang mga kilos, salita, pagkatao, diwa, atbp., ng mga anticristo—dapat nating maunawaan ang lahat ng bagay na ito. Pinapahintulutan ng Diyos ang paglitaw ng mga anticristo sa iglesia, hinahayaan silang gumawa ng mga bagay at ilantad ang sarili nilang kapangitan, na nagbubunyag sa mga anticristo, para masangkapan natin ang sarili natin ng katotohanan, para lumago tayo sa pagkilatis, at mapalago ang tayog natin sa lalong madaling panahon—naririto ang mga layunin ng Diyos! Ngayon ay nakilatis na natin ang mga anticristo at hindi na nila tayo napipigilan; lahat ay nagagawang tanggihan sila. Isa itong bagay na dapat ipagdiwang!" Sa huli, ginagaya ng mga huwad na lider ang tono ng isang opisyal at nagbibigay ng kanilang buod, nagsasalita sila na para bang marami silang ginawang tunay na gawain, na nagbayad sila ng malaking halaga, at gumanap ng mahalagang papel sa pagpapatalsik sa mga anticristo. Hindi ba't medyo kawalan ito ng kahihiyan? Malinaw na mula simula hanggang wakas, hindi nila makilatis kung ano ang isang anticristo; hindi nila nauunawaan kung paano nililihis ng mga anticristo ang mga

tao, kung ano ang ginagawa ng mga anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos, o kung ano ang disposisyong diwa ng mga anticristo, pero nagpapanggap silang marami silang ginawang gawain. Malinaw na ang mga kapatid ang kumilatis sa mga anticristo at nagpatalsik sa mga ito mula sa iglesia; malinaw na hindi gumampan ang mga huwad na lider ng papel bilang mga lider at manggagawa o hindi nila tinupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pero gumagawa pa rin sila ng pagbubuod at inaangkin nila ang tagumpay, na para bang matagal na nilang pinagplanuhan ang lahat at ngayon ay sinasabi na nila sa mga kapatid na nagbunga ng mga resulta ang mga kilos nila at isa itong malaking tagumpay. Hindi ba't wala itong kahihiyan? Bakit ka nagsasalita na parang isang opisyal? Wala kang ginagawang tunay na gawain pero nagsasalita kang parang isang opisyal. Isa ka bang opisyal ng malaking pulang dragon? Hindi ba't mga Pariseo ang gayong mga tao? (Oo.) Ang alam lang nila ay sumigaw ng mga islogan at mangaral ng mga doktrina. Kapag may mga nangyayari, bukod sa nabibigo silang tratuhin nang tama ang mga ito, wala rin silang landas ng pagsasagawa. Naglilitanya lang sila ng mga walang katuturan at bulag na naglalapat ng mga regulasyon; hindi nila pangunahing nalulutas ang anumang problema. Kapag lumipas na ang mga bagay, umaakto sila na parang walang nangyari, nagpapanggap sila bilang mabubuting tao, at inaangkin nila ang tagumpay nang may labis na walang kahihiyan. Ang mga taong ito ay mga tipikal na mga Pariseo. Kaya lang nilang mangaral ng mga doktrina, sumigaw ng mga islogan, gumugol ng kaunting pagsisikap, at magtiis ng kaunting paghihirap, at hindi nila kayang gumawa ng anumang tunay na gawain, pero nagpapanggap pa rin sila bilang mga espirituwal na tao. Mga Pariseo sila. Gayon ang diwa ng ganitong uri ng huwad na lider. Kaya nilang mangaral ng maraming doktrina sa harap ng lahat, kaya bakit hindi nila kayang ilantad at pangasiwaan ang mga anticristo? Kaya nilang mangaral sa loob ng maraming oras ng tuloy-tuloy at mahusay silang magsalita, kaya bakit, kapag nahaharap sa mga aktuwal na problema—lalo na kapag nahaharap sa masasamang gawa ng mga anticristo—hindi nila mapangasiwaan ang mga ito, na hindi sila makapagsalita? Ano ba ang dahilan nito? Ito ay dahil sobrang mahina ang kakayahan nila. Gaano kahina? Wala silang espirituwal na pang-unawa. Edukado sila at matalino, labis na matalas ang isip sa pangangasiwa sa mga panlabas na usapin, at may kaunting pagkaunawa sa batas. Gayumpaman, pagdating sa mga usapin ng pananampalataya sa Diyos, mga espirituwal na usapin, at iba't ibang mahalagang isyu, hindi nila kayang makilatis at maunawaan nang malinaw ang anumang bagay, ni hindi sila makahanap ng mga katotohanang prinsipyo. Kapag walang mga isyu, nakaupo sila na kasingkalmado ng isang mangingisdang naghihintay ng huli, pero kapag may lumilitaw na mga isyu, umaasal silang parang mga katawa-tawang payaso, para silang mga langgam sa mainit na kawali, nagbubunyag ng kahabag-habag na anyo. Minsan ay umaakto sila nang napakaseryoso at taimtim. Kapag hindi sila taimtim, tila normal sila, pero kapag naging taimtim sila, natatawa ang mga tao. Ito ay dahil kapag taimtim sila, wala silang sinasabi kundi puro mapanlinlang na bagay at salita na walang espirituwal na pang-unawa, na pawang komento ng isang hindi

eksperto. Pero pinapanatili nila ang isang taimtim na mukha—hindi ba't katawa-tawa ito? Kung may magtanong sa kanila ng mahahalagang tanong para sagutin nila, nalilito sila at hindi makapagsalita, na mukhang labis na nahihiya. Maraming gayong huwad na lider. Ang mga pangunahing pagpapamalas nila ay mahinang kakayahan at kawalan ng espirituwal na pang-unawa; sila ay mga taong magulo ang isip. Ano ang ibig sabihin ng kawalan ng espirituwal na pang-unawa? Pagdating sa mga espirituwal na usapin at mga usaping may kinalaman sa katotohanan, parang sinusubukan nilang magsalin ng sinaunang Griyego—wala silang anumang nauunawaan dito. Kahit na ganoon, nagpapanggap pa rin sila, sinasabi nila, "Espirituwal ako. Matagal na akong nananampalataya sa Diyos. Marami akong nauunawaang katotohanan. Kayo ay mga bagong mananampalataya, kasisimula pa lang ninyong manampalataya sa Diyos at hindi ninyo nauunawaan ang katotohanan. Hindi kayo maaasahan." Palagi nilang iniisip na matagal na silang nananampalataya sa Diyos at nakakaunawa sa katotohanan. Ang gayong mga tao ay parehong kamuhi-muhi at katawa-tawa. Dito na nagtatapos ang pagbabahagi tungkol sa mga pagpapamalas ng gayong mga huwad na lider.

III. Pagkilos Bilang Proteksiyon ng mga Anticristo

May isa pang uri ng huwad na lider na mas kamuhi-muhi pa. Bukod sa nabibigo silang ilantad ang mga anticristo, kumikilos din sila bilang proteksiyon ng mga anticristo, ginagamit ang dahilan ng mapagmahal na pagtulong bilang palusot para pagbigyan ang masasamang gawa ng mga anticristo na nakakagulo sa gawain ng iglesia. Kahit gaano karaming panlilinlang ang ikinakalat ng mga anticristo para ilihis ang mga tao, bukod sa hindi pinapabulaanan o inilalantad ng mga huwad na lider ang mga ito, nagbibigay rin sila ng mga pagkakataon para ang mga anticristo ay malayang makapagpahayag ng mga pananaw nila at makapagsalita. Anumang uri ng mga panggugulo, panlilihis, o pamiminsala ang pinagdurusahan ng hinirang na mga tao ng Diyos, nananatili silang walang pakialam. Kahit kapag tinutukoy ng ilang tao: "Mga anticristo ang mga indibidwal na ito. Sila ang dapat na limitahan ng sambahayan ng Diyos; hindi sila dapat iangat o linangin, at tiyak na hindi sila dapat protektahan. Sapat na ang pinsalang idinulot nila sa mga kapatid. Panahon na para harapin sila at lubos na ilantad at pangasiwaan sila," kumikilos ang mga huwad na lider para ipagtanggol ang mga anticristo. Isinasaalang-alang ang mga salik gaya ng edad ng mga anticristo, bilang ng taon ng pananampalataya sa Diyos, at mga dating kontribusyon, gumagamit sila ng iba't ibang palusot para ipagtanggol at protektahan ang mga anticristo. Kapag dumarating ang mga nakakataas na lider para siyasatin ang gawain o pangasiwaan ang mga anticristo, pinipigilan ng mga huwad na lider ang mga kapatid na iulat sa mga nakakataas ang masasamang gawa ng mga anticristo. Gumagawa pa sila ng mga paraan para harangan ang iglesia para hindi malaman ng mga nakakataas na lider ang panggugulo ng mga anticristo sa iglesia, at hinahadlangan din nila ang mga kapatid na may pagkilatis na ilantad ang mga anticristo. Anuman ang mga palusot na ginagamit ng mga huwad na lider o anuman ang mga layon

nila sa pagpoprotekta sa mga anticristo, sa paggawa niyon, sa huli ay pinoprotektahan nila ang mga interes ng mga anticristo habang ipinagkakanulo ang mga interes ng iglesia at ng hinirang na mga tao ng Diyos. Gumagamit sila ng iba't ibang palusot para protektahan ang mga anticristo, tulad ng "nananampalataya rin sa Diyos ang mga anticristo at may karapatan silang magsalita sa sambahayan ng Diyos" at "gumawa sila ng mga mapanganib na tungkulin noon; dapat isaalang-alang ng sambahayan ng Diyos ang mga dati nilang kontribusyon." Pinipigilan nila ang mga kapatid na kilatisin ang mga anticristo at hindi nila pinapahintulutang malaman ng mga nakakataas na lider ang iba't ibang masamang gawa ng mga anticristo, kasabay nito, hindi nila mismo inilalantad at tiyak na hindi nila pinupungusan ang mga anticristo. Ang mga anticristong ito ay maaaring mga kapamilya nila, malalapit na kaibigan, o ang mas posible, mga taong iniidolo nila at nahihirapan silang pakawalan. Anuman ang sitwasyon, hangga't alam nilang mga anticristo ang mga taong ito at ipinagtatanggol pa rin nila ang masasamang gawa ng mga ito, sinasabihan ang iba na tratuhin ang mga ito nang may pagmamahal, at gumagamit pa ng iba't ibang paraan para bigyan ang mga anticristo ng mga oportunidad na magpakalat ng mga panlilinlang para ilihis at guluhin ang hinirang na mga tao ng Diyos, ipinapakita ng mga pagpapamalas na ito na nagsisilbi silang proteksiyon ng mga anticristo. Ang ilang huwad na lider ay maaaring nakagawa ng ilang tunay na gawain sa ibang aspekto, pero pagdating sa pakikitungo sa mga anticristo, hindi nila pinapangasiwaan ang mga ito ayon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Higit pa rito, hindi nila tinutupad ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa nang ayon sa hinihingi ng sambahayan ng Diyos—hindi nila pinipigilan ang mga anticristo na magpakalat ng mga kuru-kuro, negatibong damdamin, maling paniniwala, at panlilinlang para ilihis ang mga tao sa iglesia hangga't maaari. Sa halip, madalas nilang itinataguyod ang mga mapanlinlang na doktrinang sinasabi ng mga anticristo, gayundin ang mga pahayag at komento ng mga ito na batay sa kaalaman o pilosopiya ni Satanas, bilang mga positibong bagay. Lahat ng ito ay mga pagpapamalas ng pagkilos nila bilang proteksiyon ng mga anticristo. Siyempre, may mga huwad na lider ding hindi pinapangasiwaan ang mga anticristo dahil pinapahalagahan nila ang impluwensiya ng mga ito sa lipunan. Sinasabi nila, "Ang karamihan ng kapatid ay mula sa mababababang antas ng lipunan at walang impluwensiya. Bagama't ang taong ito ay isang anticristong may masamang pagkatao, may kapangyarihan at impluwensiya siya sa mundo at may kakayahan siya. Kapag nahaharap sa panganib ang mga kapatid o ang iglesia, hindi ba't kailangan natin ang isang makapangyarihang tao para kumilos at protektahan tayo? Kaya, magbulag-bulagan tayo sa mga maling ginagawa niya at huwag na itong masyadong seryosohin." Ang mga huwad na lider ay handang kumilos bilang proteksiyon ng mga anticristo para ang mga anticristo ay tumindig para sa kanila at suportahan sila—nasisikmura ito ng mga huwad na lider. May ilang huwad na lider ding may maling pananaw. Sinasabi nila, "Ang ilang anticristo ay may katayuan at impluwensiya sa lipunan; may katanyagan sila. May dalawang gayong indibidwal sa

iglesia natin. Bagama't mga anticristo sila, kung papaalisin natin sila, iisipin ng mga tao na wala nang mahusay na tao sa iglesia natin, at hahamakin tayo ng mga nasa komunidad ng relihiyon. Kailangan natin silang panatilihin para magmukha tayong mahusay. Samakatwid, ang dalawang taong ito ay kayamanan ng iglesia natin; walang puwedeng kumilatis o magpaalis sa kanila. Dapat silang protektahan." Anong klaseng lohika ito? Itinuturing nilang mga taong may talento ang mga anticristo, kaya pinoprotektahan nila ang mga ito. Hindi ba't walang-hiya ang ganitong mga huwad na lider? (Oo.) Anuman ang sitwasyon, hangga't pinapayagan ng mga lider at manggagawa ang mga anticristo na gawin ang anumang gusto ng mga ito sa iglesia at guluhin ang gawain ng iglesia, sila ay mga huwad na lider at manggagawa. Gaano man nagpapakalat ng mga panlilinlang ang mga anticristo at masasamang tao, gaano man karaming tao ang nalilihis, gaano man nila binabatikos at ibinubukod ang mga positibong personalidad, at gaano man karami sa hinirang na mga tao ng Diyos ang pinipinsala nila, binabalewala ito ng mga huwad na lider at nagpapanggap ang mga ito na walang alam—hangga't napapanatili nila ang sarili nila, ayos na iyon sa kanila. Ang mga ito ang mga pangunahing pagpapamalas ng mga huwad na lider. Anuman ang sinasabi o ginagawa ng mga anticristo, hindi sila inilalantad, hinihimay, o nililimitahan ng mga huwad na lider para makilatis at tanggihan sila ng mga kapatid. Sa halip, tinatrato ng mga huwad na lider ang mga anticristo na parang alaga nila, pinaglilingkuran at pinoprotektahan ang mga ito na parang mga dignitaryo, hinahayaan ang gusto ng mga ito, at lumilikha sila ng iba't ibang oportunidad para makakilos ang mga ito. Kaninong mga interes ang naisasakripisyo habang hinahayaan nilang matamasa nang lubos ng mga anticristo ang kalayaan ng mga ito? (Ang mga interes ng hinirang na mga tao ng Diyos.) Bukod sa nabibigo ang mga huwad na lider na protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos, tinutulutan din nila ang mga anticristo na mamuno sa iglesia, pinagkakayod-kalabaw ang mga kapatid sa paglilingkod sa mga anticristo, na parang mga alipin, pinasusunod sa mga utos ng mga anticristo, ipinatatanggap ang mga mapanlinlang na komento at kaisipan at pananaw ng mga ito, ipinatatanggap ang pagkontrol ng mga ito, at maging ang lubhang pamiminsala ng mga ito, at iba pa. Ito ang gawaing ginagawa ng mga huwad na lider. Pinipigilan ba nila, hangga't maaari, ang lubhang pamiminsala ng mga anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos? Natupad ba nila ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Nagawa ba nila ang gawain ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos? (Hindi.) Sa madaling salita, anuman ang dahilan, ang sinumang lider na hinahayaan ang mga anticristo na gawin ang anumang gusto ng mga ito nang hindi gumagawa ng anumang gawain ay isang huwad na lider. Bakit sinasabi Kong mga huwad na lider sila? Dahil kapag nililihis at kinokontrol ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, hinahayaan nila ang mga kapatid na magdusa ng iba't ibang pamiminsala mula sa mga anticristo, binibigo ang atas na ipinagkatiwala sa kanila ng Diyos. Ipinagkatiwala sa iyo ng sambahayan ng Diyos ang mga tupa ng Diyos, ang hinirang na mga tao ng Diyos, at hindi mo tinupad ang responsabilidad mo. Hindi ka

karapat-dapat na magpasan ng atas ng Diyos! Anuman ang dahilan o katwiran mo, kung sa panahon ng pamumuno bilang lider ay kumilos ka bilang proteksiyon ng mga anticristo, na nagdulot ng labis na pagdurusa ng mga kapatid sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo, isa kang makasalanan sa lahat ng panahon. Ang dahilan dito ay hindi dahil hindi mo kayang makilatis ang mga anticristo o maunawaan nang malinaw ang diwa nila—malinaw na alam mo sa puso mo na ang mga anticristo ay mga Satanas at mga diyablo, pero hindi mo hinahayaan ang hinirang na mga tao ng Diyos na ilantad at kilatisin sila. Sa halip, hinahayaan mo ang mga kapatid na makinig, tumanggap, at sumunod sa mga anticristo. Ganap itong salungat sa katotohanan. Hindi ba't dahil dito ay nagiging makasalanan ka sa lahat ng panahon? (Oo.) Bukod sa nabigo kang protektahan ang mga sinserong gumagawa ng kanilang mga tungkulin at naghahangad sa katotohanan, inangat mo rin ang mga anticristo sa mga posisyon ng mga lider at manggagawa, itinuturing silang parang mga alaga at pinapasunod sa mga utos nila ang mga kapatid. Ipinagkatiwala ng sambahayan ng Diyos ang hinirang na mga tao ng Diyos sa iyo hindi para gawing mga alipin ng mga anticristo o mga alipin mo, kundi para akayin mo ang hinirang na mga tao ng Diyos na labanan si Satanas at ang mga anticristo at kilatisin at tanggihan ang mga anticristo, at bigyang-kakayahan ang hinirang na mga tao ng Diyos na magkaroon ng normal na buhay iglesia, gawin ang mga tungkulin nila nang normal, pumasok sa katotohanang realidad, at magpasakop at magpatotoo sa Diyos sa ilalim ng paggabay ng Diyos. Kung hindi mo man lang matupad ang responsabilidad na ito, karapat-dapat ka bang tawaging tao? At gayumpaman, gusto mo pa ring protektahan ang mga anticristo. Ang mga anticristo ba ang mga ninuno o idolo mo? Kahit na kadugo mo sila, dapat mong sundin ang mga katotohanang prinsipyo at unahin ang katarungan bago ang pamilya. Dapat maramdaman mong obligado kang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ilantad, kilatisin, at tanggihan ang mga anticristo, at gawin ang lahat ng makakaya mo para protektahan ang mga kapatid, para maiwasang mapinsala sila ng mga anticristo, hangga't maaari. Ito ay tapat na paggawa sa tungkulin mo at pagkompleto sa atas ng Diyos; sa paggawa lang nito ka maaaring tawaging isang lider o manggagawa na pasok sa pamantayan. Kung mabibigo kang tuparin ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa at kusa kang kumikilos bilang proteksiyon ng mga anticristo, ano ka pa nga ba kundi isang makasalanan sa lahat ng panahon? Dito nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa mga huwad na lider na kumikilos bilang proteksiyon ng mga anticristo. Malinaw na ang pagtukoy sa gayong mga tao bilang kahanay ng mga huwad na lider ay hindi talaga di-makatarungan; isa ito sa mga pagpapamalas ng mga tunay na huwad na lider.

IV. Hindi Pagmamalasakit o Hindi Pagtatanong Tungkol sa mga Taong Nailihis ng mga Anticristo

May isa pang pagpapamalas ang mga huwad na lider na mas nakakagalit. Ang ilang huwad na lider ay nakakakilatis ng mga anticristo sa ilang antas sa kanilang

pakikisalamuha pero hindi nila kaagad pinapangasiwaan ang mga ito. Hindi rin nila kaagad inilalantad at hinihimay ang masasamang gawa at diwa ng mga anticristo sa pamamagitan ng iba't ibang pag-uugali ng mga ito, para mabigyang-kakayahan ang mga kapatid na makilatis at matanggihan ang mga anticristo. Maituturing na itong hindi pagtupad sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kapag ang ilang kapatid ay nailililhis at sumusunod sa mga anticristo, nananatiling walang pakialam ang mga huwad na lider na ito, na para bang wala itong kinalaman sa kanila. Bukod dito, wala silang nararamdamang pang-uusig o pang-aakusa sa sarili sa puso nila. Hindi nila nararamdamang nabigo nila ang Diyos o ang mga kapatid. Sa halip, madalas nilang sinasabi ang "klasikong" linyang ito: "Nailihis ng mga anticristo ang mga taong ito. Nararapat lang ito sa kanila! Kasalanan nila ito dahil wala silang pagkilatis. Kahit hindi sila sumunod sa mga anticristo, magiging mga puntirya pa rin sila ng pagpapaalis ng sambahayan ng Diyos." Bukod sa ang mga huwad na lider na ito ay walang nararamdamang pang-uusig sa sarili o pagkakonsensiya matapos na mailihis ng mga anticristo ang mga kapatid, higit pa rito, hindi sila nagninilay-nilay o nagsisisi. Sa halip, nagsasabi sila ng gayong mga di-makataong salita, sinasabing nararapat lang sa mga kapatid na ito na mailihis ng mga anticristo. Ano ang makikita mula sa mga salitang ito? May pagkatao ba ang mga taong ito? (Wala.) Tiyak ang kawalan nila ng pagkatao. Bakit kaya nila sinasabi ang mga bagay na ito? (Para umiwas sa responsabilidad.) Una, ito ay para umiwas sa responsabilidad, para ilihis at gawing manhid ang mga tao. Naniniwala sila: "Nailihis ang mga taong iyon ng mga anticristo dahil wala silang pagkilatis, na walang kinalaman sa akin. Hindi nila hinangad ang katotohanan, kaya nararapat silang mailihis!" Ano ang ibig sabihin ng "nararapat"? Ibig sabihin, dapat na mailihis at makontrol ng mga anticristo ang mga taong ito, at dapat na lubhang mapinsala ng mga anticristo—anumang pagtrato ang natatanggap nila mula sa mga anticristo, nararapat lang ito sa kanila; nararapat sa kanilang sumunod sa mga anticristo. Ang ipinapahiwatig nito ay hindi dapat sumunod sa Diyos ang mga taong ito kundi sa mga anticristo, na ang pagsunod sa Diyos ay isang pagkakamali para sa kanila, at na ang pagpili sa kanila ng Diyos ay isa ring pagkakamali, at na kahit nakapasok na sila sa sambahayan ng Diyos, hindi maiiwasan ang pagkakalihis sa kanila ng mga anticristo. Hindi ba't ito ang ipinapahiwatig ng mga huwad na lider? Bukod sa sinisiraan nila ang mga kapatid, nilalapastangan din nila ang Diyos. Hindi ba't kamuhi-muhi ang gayong mga tao? (Oo.) Labis silang kamuhi-muhi! Bukod sa pag-iwas sa responsabilidad at pagtatakip sa katunayan at sa katotohanang hindi nila pinrotektahan ang mga kapatid, binabatikos pa nila ang mga ito, sinasabing ang mga ito ay nararapat lang na mailihis ng mga anticristo at na hindi karapat-dapat na manampalataya sa Diyos at tumanggap ng pagliligtas ng Diyos. Naibubunyag ng isang pahayag na ito kung gaano kaubod ng sama ang karakter nila! Bagama't hindi nila direktang ginulo, nilihis, o sinupil ang mga kapatid tulad ng mga anticristo, ang saloobin nila sa mga kapatid, sa atas ng Diyos, at sa kawang ipinagkatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos ay nagpapakita kung gaano sila tunay na kawalang-puso at kalupit!

Walang sinumang tumatanggap sa gawain ng Diyos ang nagagawa ito nang madali; nangangailangan ito ng mga sakripisyo at pagtutulungan ng mga nangangaral ng ebanghelyo. Nangangailangan ito ng maraming lakas-tao at mapagkukunan, at higit pa rito, nakapaloob dito ang dugo ng puso ng Diyos. Ang Diyos ang naghahanda ng iba't ibang tao, pangyayari, bagay, at kapaligiran para madala ang mga tao sa harapan Niya. Walang pakialam ang mga huwad na lider sa alinman sa mga ito. Sinuman ang naililihis ng mga anticristo, ipinagwawalang-bahala nila ito gamit ang iisang parirala: "Nararapat lang ito sa kanila!" Sa paggawa niyon, hinahayaan nila ang lahat ng pagsisikap ng lahat ng kasangkot at ang dugo ng puso ng Diyos na mauwi sa wala, na para bang wala itong halaga. Ano ba ang ibig sabihin ng "Nararapat lang ito sa kanila"? Ibig sabihin nito, "Sino bang nagsabing ipangaral mo ang ebanghelyo sa kanila? Hindi sila karapat-dapat na manampalataya sa Diyos. Isang pagkakamali ang ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. Sino bang nagsabi sa kanilang sumunod sa mga anticristo? Bagama't wala akong ginawang anumang tunay na gawain, hindi ko rin naman sila pinasunod sa mga anticristo. Sila ang nagpumilit na gawin iyon; nararapat lang sa kanila na sumunod sa mga anticristo!" Anong uri ng pagkatao mayroon ang ganitong klase ng tao? May puso man lang ba siya? Isa siyang malupit na hayop, mas masahol pa sa isang asong bantay, at gayumpaman, isa siyang lider? Hindi siya karapat-dapat! Dapat mayroon kayong pagkilatis: Dahil ang gayong mga tao ay walang konsensiya at katwiran at napakalupit, hindi mo sila dapat piliin bilang lider. Hindi dapat maging magulo ang isip mo! Bukod sa nabibigo silang gawin ang lahat ng posible para maibalik ang lahat ng nawala at mabawi ang mga nailihis ng mga anticristo, nagsasabi rin sila ng gayon kalupit na mga bagay—napakamapaminsala nila! Ang kalikasan ng problema ng ganitong uri ng tao ay mas mabigat kaysa sa isang karaniwang huwad na lider. Bagama't hindi sila maituturing na mga anticristo, batay sa mga pagpapamalas nila, malinaw na wala silang pagkatao at hindi karapat-dapat na maging lider o manggagawa. Isa lang silang pangit, walang utang na loob na taksil! Hindi nila alam kung ano ang atas ng Diyos, ni wala silang anumang kamalayan kung anong gawain ang dapat nilang ginagawa. Hindi nila ito tinatrato nang may konsensiya at katwiran; hindi sila karapat-dapat na maging lider ng hinirang na mga tao ng Diyos at hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng atas ng Diyos. Sa partikular, walang pagmamahal sa hinirang na mga tao ng Diyos ang mga huwad na lider. Kapag naililihis ang mga kapatid, lalo pa nilang pinagmamalupitan ang mga ito kapag lugmok ang mga ito, nagsasabi ng mga bagay tulad ng "Nararapat lang ito sa kanila," walang anumang ipinapakitang simpatiya. Ang gayong tao, kapag nakikita niyang nalulugmok sa kasawiang-palad o mga paghihirap ang isang tao, ay hindi tutulong, sa halip ay lalo pa niya itong pagmamalupitan habang lugmok ito. Hindi makakaramdam ng anumang pang-uusig ang konsensiya niya, at patuloy siyang magiging lider sa paraang dati na niyang ginagawa. Hindi ba't walang kahihiyan ito? (Oo.) Bukod sa mga kapatid, kahit kung ang isang mabuting walang pananampalataya ay lubhang pinipinsala ng mga diyablo, bilang isang mananampalataya sa Diyos at bilang isang nilikha, ang sinumang

may normal na pagkatao ay makakaramdam ng simpatiya; lalo nang masasaktan ang puso niya kapag ang mga kapatid—na mga sinserong nananampalataya sa Diyos—ang naililihis at napipinsala ng mga anticristo. Ang mga huwad na lider na ito ay walang ginagawang tunay na gawain sa panahon kung kailan gumagawa ng kasamaan ang mga anticristo at kapag pinipinsala ng mga ito ang hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi nila inilalantad ni hinihimay ang masasamang gawa at diwa ng mga anticristo, lalong wala silang pagpapahalaga sa pasanin para tulungan ang mga kapatid na magkamit ng pagkilatis sa mga anticristo at tanggihan ang mga ito mula sa puso nila. Wala silang nararamdamang pagpapahalaga sa responsabilidad sa usaping ito. Kahit kapag nailililihis ng mga anticristo ang ilang tao, binibitawan lang nila ang malupit, walang-pusong pahayag, “Nararapat lang ito sa kanila.” Nakakagalit talaga ito! Para umiwas sa responsabilidad, para pangalagaan ang sarili nila, para ilihis at gawing manhid ang mas maraming tao, at para maiwasang makondena ng Diyos, nagsasabi sila ng gayong mga di-makataong bagay. Hindi ba’t kamuhi-muhi ito? (Oo.) Anuman ang sabihin mo, hindi mo tinupad ang mga responsabilidad mo, at hindi mo ginawa nang maayos ang trabaho mo—ang mga ito ang mga pagpapamalas ng isang huwad na lider; hindi mo maitatanggi ang mga bagay na ito kahit gaano mo pa subukan. Isa kang huwad na lider.

Ang ilang huwad na lider ay hindi lang kumikilos nang malupit, walang puso, at iresponsable matapos na mailihis ng mga anticristo ang ilang kapatid, sinasabing nararapat lang sa mga taong ito ang mailihis, pero kahit kapag hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos na tuparin nila ang responsabilidad nila na bawiin ang mga taong medyo may mabuting pagkatao at may pag-asang maibalik sa iglesia hangga’t maaari, wala pa ring ginagawang tunay na gawain ang mga huwad na lider na ito. Kahit kapag hinihiling ng ilang tao na bumalik sa iglesia, nananatili silang walang pakialam at hindi nagpapakita ng malasakit, hindi itinuturing ang buhay ng mga tao bilang ang pinakamahalagang bagay na dapat pahalagahan. Nabibigo silang bawiin ang mga nailihis na kapatid hangga’t maaari. Hindi nila matupad ang responsabilidad na ito, at hindi sila nagsisikap na gawin ito. Kahit pa paulit-ulit na hinihingi ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos na gawin nang maayos ang gawaing ito, wala pa ring pakialam ang mga huwad na lider, hindi sila umaaksiyon at wala silang ginagawang gawain. Bilang resulta, ang ilang taong nailihis ng mga anticristo at inihiwalay o pinaalis ay hindi pa rin makabalik sa sambahayan ng Diyos at hindi pa rin nakakabalik sa normal na buhay iglesia. Siyempre, may ilang tao na hindi talaga natutugunan ang mga kondisyon para sa pagbawi ng sambahayan ng Diyos sa iba’t ibang aspekto, pero may iba na puwedeng maibalik. Kung, sa pamamagitan ng mapagmahal na pagtulong at matiyagang pagsuporta, magagawa nilang maunawaan ang katotohanan, makilatis, at matanggihan ang mga anticristo, puwede silang maibalik. Gayumpaman, dahil hindi gumagawa ng tunay na gawain ang mga lider at manggagawa, hindi ipinapatupad ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, at hindi tinatrato na mahalaga ang buhay ng mga taong ito, may mga taong naliligaw pa rin. Binabalewala ng mga lider

at manggagawang ito ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos gamit ang iba't ibang palusot. Ni hindi nila pinapansin ang mga kapatid na gustong bumalik sa iglesia at pasok naman sa mga kondisyon ng iglesia para sa pagtanggap. Gumagawa sila ng kung ano-anong palusot, sinasabing may masamang pagkatao ang mga taong ito, nahaharap sa mga panganib sa seguridad, mahilig magbihis nang magara, nalulugod sa mga kalayawan ng laman, mahilig sa katayuan, at iba pa. Gamit ang mga gawa-gawang palusot at dahilang ito, tumatanggi silang pabalikin ang mga ito sa iglesia. Ang mga taong ito ay nailihis at nakontrol ng mga anticristo, pero walang pakialam ang mga huwad na lider sa pagkaligaw ng mga ito. Wala silang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad o pakiramdam ng konsensiya. Maaaring iniisip nilang mahirap o mapanganib ang pagbawi sa mga taong ito, o maaaring sa kaibuturan nila ay ayaw nila at hindi sila sumasang-ayon. Ano't anuman, dahil sa iba't ibang kadahilanan, hinding-hindi nila ipinatutupad ang nabanggit sa itaas na pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Ito ang mga pagpapamalas ng gayong mga huwad na lider. Hindi lang sila nabibigong aktibong makipagtulungan at tuparin ang mga responsabilidad nila tungkol sa anumang gampaning itinatalaga ng Diyos o ng sambahayan ng Diyos, kundi kapag may naglalantad ng pagpapabaya nila sa responsabilidad, ipinagtatanggol nila ang sarili nila, nagsasabi sila ng mga bagay na umiiwas sa mga responsabilidad nila at pinapangatwiranan nila ang sarili nila para pagtakpan ang katotohanan ng pagpapabaya nila. Hindi ba't mas kamuhi-muhi ang gayong mga huwad na lider? (Oo.) Sa pagbubuod, ang mga huwad na lider na ito ay pabaya rin sa pangangasiwa sa mga anticristo na lubhang namiminsala sa hinirang na mga tao ng Diyos, wala silang ginagawang anumang tunay na gawain. Binabalewala nila ang bawat detalye ng gawaing ito na hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Ayaw nilang magtiis ng hirap o magbayad ng halaga, gusto lang nilang gawin ang gusto nila at kumilos ayon sa gusto nila—gumagawa nang bahagya kung gusto nila at wala silang ginagawa kung ayaw nila. Ganap nilang binabalewala ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, binabalewala nila ang mga tungkulin at responsabilidad na ipinagkatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos, at lalong binabalewala nila ang mga layunin at hinihingi ng Diyos. Walang pagkatao at walang konsensiya ang mga taong ito; sila ay mga naglalakad na bangkay. Maglalakas-loob ba kayong ipagkatiwala ang mahalagang usaping ito ng buhay ninyo ng paghahangad sa kaligtasan sa pananampalataya sa Diyos sa mga taong walang pagkatao? (Hindi.) Kahit hindi ka nila ihain sa mga anticristo, gagawin ba nila ang lahat ng makakaya nila para labanan ang mga anticristo kapag inililihis at lubhang pinipinsala ng mga ito ang hinirang na mga tao ng Diyos? Hindi, dahil ang gayong mga tao ay malulupit na hayop na walang pagpapahalaga sa responsabilidad. Nagsisilbi lang sila bilang mga lider para makapagtiyak sila ng mga pakinabang para sa sarili nila.

Ang mga huwad na lider ay nagpapakita minsan ng malasakit sa mga kapatid; tinatanong nila kung may anumang kailangan ba ang mga ito, kung kumusta ang pagkain at tirahan ng mga ito, at iba pa. Napakamaalalahanin nila pagdating sa mga usapin na may

kinalaman sa pang-araw-araw na pamumuhay, pero pagdating sa mga usaping tungkol sa atas ng Diyos, sa buhay at kamatayan ng mga kapatid, at sa mga katotohanang prinsipyo, nananatili silang walang pakialam at walang ginagawa kahit sino pa ang magtanong sa kanila. Iniintindi lang nila ang tungkol sa pisikal na kasiyahan, pagkain, pananamit, tirahan, transportasyon, o mga materyal na pakinabang ng mga tao, at gayong mga usapin lang ang inaasikaso nila. Sinasabi ng ilang tao, “May kontradiksiyon ang mga salita Mo. Hindi ba’t sinabi Mo na malupit sila? Magiging handa ba ang isang malupit na tao na gawin ang mga bagay na ito para sa iba?” Magiging mabait ba ang isang malupit na tao para gawin ang mga bagay na ito para sa lahat? (Hindi.) Sa katunayan, gagawin nga ng ilang malupit na tao ang mga bagay na ito, at may dalawang dahilan para dito. Ang una ay, habang ginagawa nila ang mga bagay-bagay para sa lahat, gumagawa rin sila ng mga bagay para sa sarili nila, at nakikinabang sila mula rito. Kung wala silang makukuhang anumang pakinabang mula sa paggawa ng isang bagay, tingnan mo kung gagawin pa rin nila ito—agad nilang babaguhin ang saloobin nila at titigil sila. Bukod dito, kaninong pera ang ginagamit nila para gawin ang mga bagay na ito at maghangad ng mga pakinabang para sa lahat? Ang sambahayan ng Diyos ang gumagastos para dito. Dalubhasa ang mga taong ito sa pagiging bukas-palad gamit ang mga mapagkukunan ng sambahayan ng Diyos. Paano nila hindi magagawa ang mga bagay na ito kung sila naman mismo ang nagkakamit ng mga pakinabang? Habang naghahangad sila ng mga pakinabang para sa lahat, ang totoo ay ginagawa nila ang mga bagay para sa sarili nila. Hindi sila ganoon kabait para maghangad ng mga pakinabang para sa kapakanan ng iba! Kung tunay silang naghahangad ng mga pakinabang para sa lahat, dapat wala silang anumang makasariling motibo, at dapat nilang pangasiwaan ang mga bagay ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, sa halip ay palagi nilang hinahangad ang mga pakinabang para sa sarili nila, at hindi man lang nila iniintindi ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Bukod dito, ginagawa nila ang mga bagay para sa lahat upang hangaan sila ng mga tao at sabihin ng mga ito, “Ang taong ito ay naghahangad ng mga pakinabang para sa atin at nagsisikap na protektahan ang ating mga interes. Kapag may kailangan tayo, dapat natin siyang lapitan para asikasuhin niya ito. Kapag naririyan siya, hindi tayo makakaranas ng masamang pagtrato.” Ginagawa nila ang mga bagay na ito para pasalamatan sila ng lahat. Sa pagkilos nang ganito, nagkakamit sila ng parehong kasikatan at mga pakinabang, kaya bakit hindi nila gagawin ang mga bagay na ito? Kung naghahangad sila ng pakinabang para sa lahat, pero walang nakakaalam na sila ang may gawa nito, at nagpapasalamat ang lahat sa Diyos, at walang sinumang mapagpasalamat sa kanila, gagawin pa rin kaya nila ito? Siguradong mawawalan sila ng ganang gawin ito; malalantad ang tunay nilang pagkatao. Kapag gumagawa ng anumang bagay ang ganitong mga klase ng tao, ganap na nalalantad ang kalikasang diwa nila. Samakatwid, kapag ginugulo ng mga anticristo ang iglesia, hinding-hindi sila gagawa ng anumang tunay na gawain para protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos.

Katatapos lang nating magbahaginan na matapos magdusa sa panlilihis, kontrol, at pinsala ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos, nagbubulag-bulagan pa rin dito ang mga huwad na lider. Hindi sila nag-iisip ng anumang paraan para mabawi ang hinirang na mga tao ng Diyos, ni hindi nila tinutupad ang mga obligasyon at responsabilidad nila. Isinasaalang-alang lang nila ang sarili nilang mga damdamin, lagay ng loob, at interes. Hindi nila tinutupad ang mga responsabilidad nila, at hindi nila inaako ang pananagutan; sa halip, iniiwasan nila ang mga responsabilidad nila at tinatakasan ang mga ito. At hinuhusgahan pa nila ang hinirang na mga tao ng Diyos matapos mailihis at makontrol ng mga anticristo ang mga ito, sinasabing hindi sinserong nananampalataya sa Diyos ang mga ito, para makaiwas sa sarili nilang responsabilidad, nang hindi nakakaramdam ng anumang pang-uusig ng konsensiya. Ang mga huwad na lider na ito ang pinakakamuhi-muhi. Pawang lubhang kasuklam-suklam ang iba't ibang uri ng pagpapamalas ng mga huwad na lider na natalakay natin, pero itong huling uri ng tao ay talagang walang anumang pagkatao. Ang ganitong uri ng tao ay isang malupit na hayop, isang halimaw na nakabihis pantao; hindi siya maituturing na kabilang sa sangkatauhan, kundi dapat siyang iklasipika na kabilang sa mga hayop. Bakit hindi niya tinutupad ang mga responsabilidad niya? Dahil wala siyang pagkatao, walang konsensiya o katwiran. Ang mga responsabilidad, obligasyon, pagmamahal, pagtitiyaga, malasakit, at pagprotekta sa mga kapatid—wala sa mga bagay na ito ang nasa puso niya; hindi niya taglay ang mga katangiang ito. Ang kawalan ng mga katangiang ito sa pagkatao niya ay katumbas ng kawalan ng pagkatao. Ito ang mga pagpapamalas ng ikaapat na uri ng huwad na lider.

Ang mga ito halos ang apat na uri ng pagpapamalas ng mga huwad na lider na kailangang ilantad sa loob ng ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Siyempre, may iba pang mga katulad na pagpapamalas, pero ang apat na uri na ito ay karaniwang kumakatawan na sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider sa paggampan sa gawaing ito, pati na sa pagkataong diwa nila. Sa ilang kategorya man natin hatiin ang mga pagpapamalas nila, ang dalawang prominenteng pagpapamalas ng mga huwad na lider ay, ano't anuman, matatagpuan pa rin sa loob ng apat na kategoryang ito: Ang isa sa mga ito ay ang hindi paggawa ng aktuwal na gawain, at ang isa pa ay ang kawalan ng kakayahang gumawa ng aktuwal na gawain. Ito ang dalawang pinakaprominenteng pagpapamalas ng mga huwad na lider. Anuman ang pagkatao at kakayahan ng mga huwad na lider, at paano man nila tinatrato ang katotohanan, ano't anuman, ang dalawang pagpapamalas na ito ay nasa loob ng apat na kategoryang ito. Dito nagtatapos ang nilalaman tungkol sa paglalantad sa mga huwad na lider sa pagbabahaginan natin ngayon sa ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa.

Karagdagang Nilalaman: Pagsagot sa mga Katanungan

May mga tanong ba kayo? (O Diyos, gusto kong magtanong. Sa simula ng pagtitipon, tinanong kami ng Diyos kung ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo at ng mga aktuwal na anticristo, at kung ano ang mga

karaniwang katangian ng diwa ng mga anticristo. Noong oras na iyon, naramdaman naming nablangko ang isipan namin, at matapos magbulay-bulay sandali, ilang napakasimpleng salita at doktrina lang ang naisip namin. Mahigit isang taon nang nakikipagbahaginan ang Diyos sa mga katotohanan tungkol sa paglalantad sa mga anticristo, pero kaunti lang ang kaya naming maunawaan at maisagawa sa mga ito. Isa sa mga dahilan nito ay hindi namin pinagsumikapan ang mga katotohanang ito, at ang isa pa ay medyo kakaunti ang mga anticristo na aming nakakasalamuha at hindi namin naunawaan ang mga katotohanang ito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga ito sa mga aktuwal na sitwasyon. Samakatwid, kahit ngayon ay wala talaga kaming anumang pagpasok sa mga katotohanang ito, wala kaming masyadong pagkilatis sa mga anticristo, at maraming pagpapamalas ng disposisyon ng mga anticristo sa sarili namin ang hindi pa namin natutukoy. Gusto kong itanong kung paano lutasin ang problemang ito.) Para sa anumang aspekto ng katotohanan, dapat mayroon kang ilang tunay na karanasan at kaalamang batay sa karanasan, at dapat kang magkamit ng tunay na pagkaunawa, para maitanim sa puso mo ang mga salita ng katotohanan. Ang proseso ng pagkamit sa katotohanan ay palaging ganito. Ang mga bagay na natatandaan mo ay ang mga bagay na nakakamit mo sa pamamagitan ng mga karanasan mo; ang mga ito ang mga pinakamalalim na impresyon. Samakatwid, habang nagbabahaginan tayo tungkol sa paksa ng mga anticristo ngayon, pinabalik-aralan Ko muna sa inyo ang nilalamang ito. May ilang bagay kayong naalala. Sa mga bagay na naalala ninyo, may ilan dito na teoretikal para sa inyo, pero natural na may ilang pagpapamalas ng mga anticristo na medyo naiuugnay ninyo sa tunay na buhay—lahat ay kailangang danasin ito sa ganitong paraan. Ang normal na sitwasyon para sa mga tao ay na kahit gaano tila kahusay ang pagkaunawa nila habang nakikinig sa mga sermon, teoretikal lang ang pagkaunawa nila at nakabatay sa doktrina, at wala silang kaalaman sa katotohanan. Kailan ba mauunawaan ng isang tao ang katotohanan? Kapag naranasan na niya ang mga bagay na ito, saka lang siya magkakaroon ng praktikal na kaalaman. Kung hindi nararanasan ang mga tunay na sitwasyon, walang magkakamit ng kaalaman. At kaya, habang nagbabahaginan tayo tungkol sa paksa ng mga anticristo ngayon, kinakailangan ang mabilisang pagbabalik-aral at pagbibigay sa inyo ng simpleng paalala. Pagkatapos nito, nagbahaginan man tayo tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa o sa iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider, kahit papaano ay hindi ito magiging masyadong mababaw para sa inyo—iyon lang. Gayumpaman, kailangan pa rin ninyong maranasan ang iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo. Sinasabi ng ilang tao, "Kung hindi naghahanda ang Diyos ng ilang totoong tao, pangyayari, at bagay, saan kami magkakamit ng karanasan? Hindi naman puwede na kami mismo ang maghanap sa mga anticristo, hindi ba?" Hindi mo kailangang hanapin sila. Ang pinakasimpleng solusyon ay na kapag nakatagpo ka ng mga anticristo, sikapin mo nang husto na itugma sila sa mga salita ng Diyos. Itugma ang kanilang mga panlabas na pagbubunyag, pahayag, kilos, at disposisyon, pati na rin ang kanilang mga iniisip

at pananaw, at maging ang paraan ng kanilang asal at pakikitungo sa mundo, ang kanilang estilo ng pamumuhay, at iba pa—ibig sabihin, itugma sila sa labinlimang pagpapamalas ng mga anticristo na tinalakay natin. Itugma ang pinakamaraming makakaya mo. Ganito ang pagkaarok ng mga tao: Hindi nila masyadong matandaan ang maraming bagay dahil limitado ang memorya ng tao. Kayang magsalita nang husto ng mga tao tungkol sa mga bagay na tunay nilang nakamit sa pamamagitan ng mga personal nilang karanasan. Kahit gaano karami ang sabihin nila, hindi ito batay sa memorya kundi sa karanasan at sa pinagdaanan nila. Ang mga bagay na ito na nakamit nila ang pinakamalapit sa katotohanan at sa aktuwal na totoo—ang mga ito ang mga bagay na nakamit ng mga tao sa pamamagitan ng karanasan. Bukod sa mga ito, ang mga bagay na tumutugma sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng tao at ang mga bagay na batay sa kaalaman ay hindi tumutugma sa katotohanan, kahit ilang taon nang inookupa ng mga ito ang malaking bahagi ng isipan mo matapos una itong pasukin ng mga ito. Kapag tunay mong nauunawaan ang katotohanan, matatanggal at maisasantabi ang mga bagay na ito. Gayumpaman, iyong mga bagay na malapit sa katotohanan at umaayon sa katotohanan, na nakamit mo sa pamamagitan ng karanasan, ang siyang mahalaga. Lubos man ninyong nauunawaan o hindi ang mga itinanong Ko ngayon, tiyak na may bahagi sa paksa ng pagkilatis sa mga anticristo na kaya ninyong maunawaan, dahil nakaranas na kayong lahat ng ilang panlilihis at panggugulo mula sa mga anticristo. Nagbigay ito sa inyo ng kaunting pagkilatis, at kapag nakaharap kayo ng mga anticristo na gumagawa ng kasamaan at nanggugulo sa gawain ng iglesia, maaaring magamit ninyo ang mga katotohanang ito. Nagagamit lang ang mga salitang ito kapag naharap kayo sa mga tunay na kapaligiran. Kung hindi pa ninyo naranasan ang panlilihis ng mga anticristo at nakikita lang ninyo sa imahinasyon ninyo ang mga kilos nila, wala itong silbi. Gaano man kagaling ang imahinasyon mo, hindi ito mangangahulugan na makikilatis mo sila. Kapag nahaharap sa mga tunay na kapaligiran, saka lang likas na tumutugon ang mga tao, gamit ang kanilang sariling mga kaisipan at pananaw, ilang teoryang naranasan na nila, at ilang doktrina, paraan, at gawing natutuhan nila, para harapin at pangasiwaan ang mga usaping ito, sa huli ay gumagawa ng iba't ibang desisyon. Pero bago maranasan ng mga tao ang mga sitwasyong ito, ayos na rin kung mayroon silang dalisay na pagkaarok at impresyon sa iba't ibang teorya. Sinasabi ng ilang tao, "Ano ba ang silbi ng pagsasabi Mo nang napakarami bago pa namin makaharap ang mga anticristo?" Kapaki-pakinabang ito. Hindi ba't ang mga salitang naglalantad sa mga anticristo ay nakalimbag sa isang aklat? Ang mga salitang iyon ba ay ganap mong mararanasan at makikilatis sa loob ng isa o dalawang araw? Hindi. Ang layon ng paglilimbag ng mga ito sa aklat na iyon ay para iligtas kayo at para madalas ninyong mabasa ang mga salitang ito, at maunawaan ang mga katotohanang ito, at para din mabasa ninyo ang mga salita ng Diyos at matanggap ang panustos ng buhay kapag nahaharap kayo sa iba't ibang sitwasyon sa hinaharap—ito man ay isang insidente ng anticristo, mga suliranin sa pagbabago ng sarili ninyong disposisyon, o iba pa. Ang mga salita ng Diyos sa aklat na

ito ang pinagmumulan para maranasan at mapangasiwaan mo ang mga usaping ito at makapasok ka sa mga aspektong ito ng katotohanan. Ang dami ng nauunawaan mo habang nakikinig ka sa mga sermon ay hindi kumakatawan sa dami ng realidad na taglay mo. Kung hindi mo maunawaan o matandaan ang isang bagay sa isang pagkakataon, hindi ibig sabihin na hindi mo ito kailanman mararanasan o hindi mo ito kailanman mauunawaan sa hinaharap. Sa madaling salita, dapat ninyong maunawaan na tanging ang mga bagay na nakakamit ng mga tao mula sa karanasan at ang kanilang nalalaman batay sa mga salita ng Diyos ang nauugnay sa katotohanan. Ang mga bagay na natatandaan ng mga tao at ang mga bagay na nauunawaan nila sa isipan nila ay kadalasang walang kaugnayan sa katotohanan; doktrina lang ang mga ito. Ano ang pinakamahahalagang bagay pagdating sa katotohanan? Ang pinakamahahalagang bagay ay karanasan at pagpasok. Sa anumang aspekto ng katotohanan, kapag aktuwal itong nararanasan ng mga tao, ang huling ani nila ay ang bunga ng katotohanan at ang landas para sa pananatiling buhay nila. Kaya naman, ang hindi pagkaalala ay hindi isang problema.

Kung direkta Kong sinimulang talakayin ang pangunahing paksa sa simula ng pagtitipon, hindi ba't hindi kayo agad makakatugon? Kaya, kinailangan Kong gumamit ng ilang pamamaraan, at tinanong Ko muna kayo, "Naaalala ba ninyo ang pagkakaiba sa pagitan ng mga taong may diwa ng mga anticristo at mga taong may disposisyon ng mga anticristo?" Ang layon Ko sa pagtatanong nito ay hindi para matuliro o mailantad kayo, kundi para mabigyan kayo ng panimula. Pagkatapos, nagbalik-aral tayo, at unti-unting naalala ng ilan: "Nagbahaginan tayo noon kung paano tinatrato ng mga anticristo ang katotohanan, at kung kumusta ang pagkatao ng mga anticristo." Ang ilang nilalaman tungkol sa mga anticristo ay nag-iwan na ng malalim na impresyon sa iyo; ang nilalamang ito ay naghihintay na magamit mo kapag naranasan mo ang gayong mga bagay, para maging gabay at patnubay para sa pagsasagawa mo. Pero may mga nilalaman pang walang anumang impresyon sa iyo noong una mo itong narinig. Kailangan ding maranasan ang nilalamang ito. Kapag pinagdaanan mo ang mga karanasang ito at pagkatapos ay kumain at uminom, at nagdasal-nagbasa ng mga salitang ito, mas marami pa ang makakamit mo. Ito man ay nilalamang may impresyon sa iyo o wala, pagkatapos mong pagdaanan ang mga bagay na ito, magkakahalo-halo ang lahat ng ito. Ang mga doktrinang natandaan mo ay magiging praktikal na pagkaunawa mo at mga nakamit mo matapos mong maranasan ang mga ito. Tungkol naman sa nilalamang walang impresyon sa iyo, pagkatapos mong maranasan ito minsan, maaaring magkaroon ka ng kaunting impresyon, pero ito ay magiging kaunting paimbabaw na kaalaman lang. Ang paimbabaw na kaalamang ito ay makakapanatili lang sa antas ng doktrina. Kailangan mo pa ring maranasang muli ang mga katulad na bagay, at sa puntong iyon, gagabay ito sa iyo, magbibigay ng patnubay sa iyo, at maglalaan sa iyo ng landas para sa pagsasagawa. Ang pagdanas sa mga salita ng Diyos at ang pagdanas sa katotohanan ay ang ganitong uri ng proseso. Nakakahiya ba na hindi ninyo alam kung paano sagutin ang tanong na itinanong Ko? Hindi ito nakakahiya. Kung biglaan ninyo Akong tatanungin, kakailanganin

Ko ring pag-isipan muna ito, isasaalang-alang Ko kung ano ang ibig sabihin ng tanong, at kung anong mga aspekto ng katotohanan ang kaugnay nito. Ganito gumagana ang utak at isipan ng tao—kailangan nito ng oras bago tumugon. Kahit isa itong bagay na napakapamilyar na sa iyo, kung hindi mo ito naranasan sa loob ng maraming taon, kakailanganin mo pa rin ng oras bago tumugon kapag bigla mo itong naranasang muli. Gaano mo man kalalim na naranasan ang isang bagay, kapag muli mo itong naranasan makalipas ang maraming araw o taon, kakailanganin mo pa rin ng oras bago tumugon—lalo na't ang pagkaunawa ninyo sa paksa ng mga anticristo ay nasa antas pa lang ng mga salita at doktrina, hindi pa ninyo ito maiugnay sa mga anticristong nakakaharap ninyo sa tunay na buhay, at masasabing hindi pa rin ninyo talaga nakikilatis ang mga anticristo. Kaya, ang mga katotohanang ito ay naghihintay pa rin na praktikal ninyong maranasan ang mga ito—saka lang ninyo mabeberipika ang pagiging totoo at tumpak ng mga salita ng Diyos. Halimbawa, napagbahaginan natin dati na ang mga anticristo ay matigas na hindi nagsisisi. Ipagpalagay nang kinabisado mo ito at sinabi mo, "Sinabi ng Diyos na ang mga anticristo ay matigas na hindi nagsisisi. Susuway at kokontra sila sa Diyos hanggang sa huli. Hindi nila tinatanggap ang katotohanan at hinding-hindi nila aaminin na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, anuman ang mangyari. Tutol sila sa katotohanan." Sa antas lang ng doktrina ka nakakaunawa, tumatanggap, o may impresyon sa pahayag na ito; kaunting paimbabaw na kaalaman lang ito. Sa kalooban mo, nararamdaman mong tama ang pahayag na ito, pero aling mga partikular na salita na sinasabi ng mga anticristo, aling mga tiwaling disposisyong ibinubunyag nila, at anong kalikasan ang nagtutulak sa kanila, at iba pa, ang tumutugma at nauugnay sa mga salita ng Diyos na naglalantad sa mga anticristo? Alin sa mga ito ang makakapagpakita na totoo ang paglalantad ng Diyos? Nangangailangan ito na makaharap mo ang isang anticristo nang personal, o marinig mo mula sa mga tagamasid ang tungkol sa mga gawa at salita ng isang anticristo, at sa huli, mapagtatanto mo, "Napakapraktikal ng mga salita ng Diyos, ganap na tama ang mga ito. Ang taong ito ay ilang beses nang nailarawan bilang isang anticristo at ilang beses nang tinanggal. Bagama't hindi pa siya napapatalsik o napapaalis, ipinapakita ng kanyang mga pagpapamalas at paghahayag na hinding-hindi niya tinatanggap ang katotohanan, na matigas siyang hindi nagsisisi, at hindi lang siya may disposisyon ng anticristo kundi pati na rin ang kalikasang diwa ng isang anticristo—isa talaga siyang ganap na anticristo." At balang araw, kapag napatalsik na ang taong ito, matitiyak mo sa puso mo: "Napakatumpak ng mga salita ng Diyos! Ang mga taong may disposisyon ng mga anticristo ay puwedeng magbago, pero iyong mga may diwa ng mga anticristo ay hindi magbabago." Nag-uugat sa puso mo ang mga salitang ito. Hindi lang ito isang alaala o kaunting impresyon, ni isang uri ng paimbabaw na kaalaman. Sa halip, malalim mong nauunawaan at tinatanggap ang mga salita ng Diyos: "Ang isang anticristo ay hindi magbabago; kokontra siya sa Diyos hanggang sa huli. Hindi kataka-takang hindi siya inililigtas ng Diyos; hindi kataka-takang hindi gumagawa ang Diyos sa gayong mga tao. Hindi kataka-takang hindi sila kailanman nagkakaroon

ng kaliwanagan o pagtanglaw kapag ginagawa nila ang tungkulin nila at hindi sila nagpapakita ng anumang paglago—determinado silang tahakin ang sarili nilang landas. Isa itong tunay na anticristo!" Kapag naberipika mo ang katumpakan ng mga salita ng Diyos, iisipin mo: "Ang mga salita ng Diyos ay tunay na ang katotohanan. Tama ang mga salitang ito. Amen!" Ano ba ang ibig sabihin ng pagsasabi mo ng Amen? Ibig sabihin nito na sa pamamagitan ng mga karanasan mo, naunawaan mo na ang mga salita ng Diyos ang pamantayan sa pagsukat sa lahat ng bagay, na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan, at kahit na lumipas ang kapanahunang ito at ang sangkatauhang ito, hindi lilipas ang mga salita ng Diyos. Bakit ba hindi lilipas ang mga ito? Dahil kahit kailan, hindi kailanman magbabago ang diwa ng mga anticristo, at hindi kailanman magbabago ang mga salita ng Diyos na naglalantad sa diwa ng mga anticristo. Bagama't lilipas ang kapanahunang ito, bagama't lilipas ang tiwaling sangkatauhang ito, ang mga salitang ito ng Diyos ay mananatiling ang katotohanan ng mga katunayan—walang makapagkakaila nito. Ito ang salita ng Diyos! Kapag nararamdaman mo na ang mga salita ng Diyos ay tumutugma at naaayon sa mga katunayang nakikita at nararanasan mo, at nagkakamit ng katiyakan ang puso mo, at hindi lang ito isang pakiramdam na tiyak na tama ang mga salita ng Diyos o na hindi mali ang mga ito, kundi nakita at personal mo itong naranasan, natural kang magsasabi ng Amen sa mga salita ng Diyos. Sa oras na iyon, kung itatanong Kong muli, "Ano ang mga pagpapamalas ng mga taong may diwa ng mga anticristo?" agad na lalabas ang panloob mong pagkaunawa. Hindi ka lang magkakaroon ng isang impresyon, ng isang natandaang parirala, o isang uri ng kamalayan o paimbabaw na kaalaman. Sasabihin mo agad, "Ang mga anticristo ay talagang hindi tumatanggap sa katotohanan at matigas na hindi nagsisisi!" Bagama't maaaring walang masyadong lohikal na balangkas ang pahayag na ito, bagama't masyadong biglaan ang pagkakasabi nito, at hindi ito mauunawaan ng mga tao sa simula, alam mo kung ano ang ibig sabihin nito dahil naranasan mo ito at nakita ito ng sarili mong mga mata. Ganoon mismo kawalang-hiya ang mga anticristo—hinding-hindi sila magsisisi. Ang mga salitang ito ay kailangang maranasan; ang sinumang hindi dumaranas ng mga ito ay walang anumang makakamit.

Oktubre 2, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (22)

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo, at bigyan sila ng kakayahan na kilatisin ang mga anticristo at talikuran ang mga ito mula sa puso nila.” Ngayon, magbalik-aral tayo: Anong mga partikular na aytem tungkol sa partikular na nilalaman ng ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa ang pinagbahaginan natin? (Nagbahaginan tayo sa limang aytem: paglalantad, pagpupungos, paghihimay, paglilimita, at pagsusubaybay.) Ang limang aytem na ito ay ang mga partikular na gampaning nakapaloob sa responsabilidad na ito ng mga lider at manggagawa; ang mga ito ang mga partikular na gampanin na kailangang isakatuparan ng mga lider at manggagawa kaugnay sa mga anticristo. Kaya, anong mga pagpapamalas mayroon ang mga huwad na lider kaugnay sa mga gampaning ito? Nagbahaginan din ba tayo ng ilang detalye noong nakaraan? (Oo.) Ang mga pagpapamalas ng mga huwad na lider ay ang mga sumusunod: Ang una ay takot silang makasakit ng mga tao at hindi sila nangangahas na paalisin o patalsikin ang mga anticristo. Ang ikalawa ay hindi nila makilatis ang mga anticristo. Ang ikatlo ay kumikilos sila bilang proteksyon para sa mga anticristo. Ang ikaapat ay iresponsable sila sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ano ang pagpapamalas ng iresponsabilidad? Kapag nahaharap sa mga panggugulo at panlilihis ng mga anticristo, hindi kayang protektahan ng mga huwad na lider ang mga kapatid, hindi nila kayang ilantad ang masasamang gawa ng mga anticristo, hindi kayang ilantad ang mga pakana ni Satanas, at hindi kayang pagbahaginan ang katotohanan para tulungan ang mga kapatid na makilatis ang mga anticristo—hindi nila ginagampanan ang gayong gawain. Bukod pa rito, para sa may mababababang tayog at walang pagkilatis na nalihis ng mga anticristo, hindi lang sila bigong makagawa ng anumang gawaing pagbawi, nagsasabi rin sila ng mga di-makataong bagay tulad ng “Nararapat lang ito sa kanila.” Ito ay isang partikular na pagpapamalas ng iresponsabilidad, nagpapakita na ang mga huwad na lider ay walang pagpapahalaga sa pasanin ng gawain ng iglesia. Ang mga pagpapamalas na ito ay mga partikular na pagkilos at pamamaraan ng mga huwad na lider kapag inililihis at ginugulo ng mga anticristo ang hinirang na mga tao ng Diyos. Ang partikular nilang saloobin sa gawaing ito ay iresponsabilidad at kawalang-katapatan. Gumagawa sila ng iba’t ibang palusot at gumagamit ng iba’t ibang pamamaraan para pahintulutan ang mga anticristo, kumikilos bilang proteksyon para sa mga anticristo, habang nabibigong protektahan ang gawain ng iglesia at ang mga karapatan at interes ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kung magagawa ng mga huwad na lider na maagap na lutasin ang mga problema tulad ng panggugulo, panlilihis, pagkontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo sa hinirang na mga tao ng Diyos, at pagkatapos ay pigilin, ibukod, at paalisin o patalsikin ang mga anticristo, matatanggap ng hinirang na mga tao

ng Diyos ang pinakamalaking proteksiyon. Gayumpaman, bilang mga lider, wala silang kahusayan para sa gawaing ito. Mula sa isang partikular na perspektiba, masasabing lihim nilang pinoprotektahan ang mga anticristo at inihahanda ang daan para sa mga ito, tinutulutan na maipagpatuloy ng mga ito na ilihis, kontrolin, at lubhang pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos, at guluhin ang normal na buhay iglesia at ang pagganap ng tungkulin ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang mga ito ang iba't ibang pagpapamalas ng mga huwad na lider.

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Unang Bahagi)

Dahil natapos na natin ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabintatlong responsabilidad ng mga lider at manggagawa, ngayon ay magbabahaginan tayo tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad. Ang nilalaman ng ikalabing-apat na responsabilidad ay medyo katulad ng sa ikalabintatlong responsabilidad. Ang partikular na gawaing kailangang gawin ng mga lider at manggagawa sa ikalabing-apat na responsabilidad ay hindi lang may kinalaman sa mga anticristo kundi kinasasangkutan din ng iba't ibang masasamang tao, na ginagawang mas malawak ang saklaw nito kaysa sa ikalabintatlong responsabilidad. Bago magbahaginan tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad, basahin muna natin ang nilalaman nito. (Ang ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo.") Hindi mahaba ang pangungusap na ito, subalit pagdating sa partikular na gawaing kailangang gawin ng mga lider at manggagawa, hindi ito kasingsimple ng nakikita sa panlabas. Ano ba mismo ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa na binanggit sa pangungusap na ito? Sino ang mga pakay ng gawain na kailangang gampanan ng mga lider at manggagawa? (Ang iba't ibang masasamang tao at mga anticristo.) Ano ang partikular na gawain na kailangang gawin? (Agad silang kilatisin. Kapag nakilatis na sila, paalisin sila o patalsikin.) Agarang pagkilatis, nang walang pagpapaliban; sa sandaling matukoy ang mga palatandaan, dapat magawa ang mga tumpak na paghusga at paglalarawan, na sinusundan ng paglapat ng hakbang sa mga indibidwal na sangkot sa pamamagitan ng pagpapaalis sa kanila. Sa katunayan, ang partikular na gawain na kailangang gawin ng mga lider at manggagawa ay binubuo ng dalawang gampanin: pagkilatis sa mga tao at paglutas sa mga problema. Sa panlabas, tila ganito ito kasimple: Kilatisin muna, pagkatapos ay kaagad na gumawa ng mga solusyon at hakbang, na pinupuntirya ang iba't ibang masasamang tao at mga anticristo na hinihingi ng sambahayan ng Diyos na paalisin o patalsikin. Mula sa perspektibang ito, mukhang madali para sa mga lider at manggagawa na gawin ang gawaing ito nang maayos at tuparin ang responsabilidad na ito, nang walang masyadong paghihirap, dahil ang sambahayan ng Diyos ay dati nang gumawa ng malawakang pagbabahaginan tungkol sa mga detalye ng pagkilatis at pagpapaalis ng iba't ibang tao,

at marami nang sinabi tungkol sa naturang usapin. Sa panlabas, tila may pagkakatulad sa ilang paraan ang gawaing nakapaloob sa ikalabing-apat na responsabilidad sa partikular na nilalaman ng ikalabindalawa at ikalabintatlong mga responsabilidad na nauna nang pinagbahaginan, subalit sa ikalabing-apat na responsabilidad, ang mga pakay ng gawaing ginagawa ng mga lider at manggagawa ay hindi lang ang mga anticristo kundi ang iba't ibang masasamang tao rin. Pinalalawak nito ang saklaw para maisama ang iba't ibang uri ng masasamang tao, na nangangailangan ng sistematiko at partikular na pagbabahaginan. Dahil hindi ito tungkol sa mga pagpapamalas ng isang uri ng masamang tao, kundi ng iba't ibang uri, kapag nagbabahaginan tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa, pagtutuunan natin ang pagtukoy sa mga pakay ng gawaing ito. Isang aspekto ito. Dagdag pa rito, kung paano dapat tratuhin ang mga taong ito—kung lilimitahan, ibubukod, paaalisin, o patatalsikin ba sila—ay ang susunod na pagbabahaginan natin nang detalyado.

Kung Ano ang Isang Iglesia

Bago magbahaginan tungkol sa gawaing ito nang detalyado, magbahaginan muna tayo sa isang kaugnay na paksa. Maaaring kilalang-kilala ang kaugnay na paksang ito, o maaaring ito ay isang paksang wala kayong partikular na pagkaunawa. Ano ang paksa? Ito ay "Kung ano ang isang iglesia?" Ano ang tingin ninyo sa paksang ito? Maaaring sabihin ng ilang tao, "Nakikipagbahaginan Ka tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, kaya partikular Ka na lang na makipagbahaginan tungkol doon. Bakit Ka makikipagbahaginan tungkol sa kung ano ang isang iglesia? May kaugnayan ba iyon sa paksang ito?" Sa panlabas, maaaring mukhang wala itong kaugnayan, at maaari pa ngang sabihin ng ilan, "Ito ay isang paksang ganap na walang kaugnayan. Bakit ito kailangang pagbahaginan?" Anuman ang iniisip ninyo, isantabi ninyo ang mga kaisipang ito at pag-isipan muna kung ano ang isang iglesia. Kapag ang depinisyon ng salitang ito, ang katawagang "iglesia," ay malinaw nang napagbahaginan, malalaman ninyo kung bakit tayo nagbabahaginan tungkol sa paksang ito.

I. Ilang Pagkaunawa sa Isang Iglesia

Ang pagbabahaginan tungkol sa kung ano ang isang iglesia ay isang paraan ng pagbibigay ng isang malinaw at tumpak na paliwanag sa katawagang "iglesia"; ang ibig sabihin nito ay ang ipaalam ang partikular at tumpak na kahulugan ng terminong "iglesia." Una, maaari ninyong talakayin kung paano ninyo nauunawaan at naaarok ang terminong "iglesia." Ano ang isang iglesia? Simulan natin sa teoretikal na pagpapaliwanag at pagkatapos ay magtungo tayo sa mas partikular at medyo praktikal na depinisyon. (Sa pagkaunawa ko, ang isang lugar kung saan ang mga kapatid na taos-pusong nananampalataya sa Diyos at naghahangad sa katotohanan ay nagtitipon para sumamba sa Diyos ay tinatawag na isang iglesia.) Tumutukoy ang depinisyong ito sa kung anong uri ng lugar ang isang iglesia; masasabing isa itong kongkreto at pisikal na entidad. Ito ay

isang teoretikal na depinisyon. Tumpak ba ang depinisyong ito? Mayroon bang anumang hindi tumpak? Sa usapin ng teorya, katanggap-tanggap ang depinisyong ito. Sino ang makapagdaragdag pa? (Magdaragdag ako ng kaunti. Dahil sa pagpapakita at gawain ng Diyos, at sa Kanyang pagpapahayag sa katotohanan, may isang grupo ng mga tao na sumusunod sa Diyos; ang kolektibong binubuo nila ay tinatawag na isang iglesia.) Inilalarawan ng depinisyon na ito kung anong uri ng kolektibo ang isang iglesia. Ito rin ay isang pormal at teoretikal na depinisyon. (Idaragdag ko na tinataglay ng grupong ito ng mga tao ang gawain ng Banal na Espiritu, at kapag nagtitipon sila para basahin ang mga salita ng Diyos, naroon ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu, at naisasagawa nila ang katotohanan at lumalago sila sa buhay. Ang isang iglesia ay pagtitipon ng gayong mga tao.) Ang karagdagang ito sa depinisyon ng iglesia ay naglalarawan sa kung anong uri ito ng pagtitipon—ang pangkalipika para sa pagtitipong ito ay ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, at paglago sa buhay. Masasabi ring ito ay isang pormal at teoretikal na depinisyon ng iglesia. May iba pa bang karagdagan? (Ito ay isang grupo ng mga tao na gumagamit sa mga salita ng Diyos bilang prinsipyo ng pagsasagawa, at na pinamamahalaan ng katotohanan at ni Cristo. Ang grupong ito ay kayang dumanas ng gawain ng Diyos, tumanggap ng katotohanan, lumago sa buhay, at maligtas. Ang gayong grupo ay tinatawag na isang iglesia.) Ang “grupo” na ito ay parehong-pareho sa “kolektibo” na kababanggit lang ngayon. May iba pa bang mga karagdagan? Kung wala na kayong iba pang mga karagdagan, maaari ninyong muling ipahayag ang apat na pagkaunawang binanggit sa itaas; na ibig sabihin, kung ano mismo ang itinuturing mong depinisyon ng isang iglesia mula sa simula ng iyong pananampalataya sa Diyos hanggang sa kasalukuyan. Madali lang dapat ang pagbibigay ng teoretikal na depinisyon nito, tama? Halimbawa, ang isang kolektibo ng mga tao na taos-pusong sumusunod at sumasamba sa Diyos ay matatawag na isang iglesia; o ang isang grupo na sumusunod sa kalooban ng Diyos, naghahangad ng pagpapasakop sa Diyos, at sumasamba sa Diyos ay matatawag na isang iglesia; o ang isang grupo na nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, ng paggabay ng Banal na Espiritu, at ng presensiya ng Diyos, at nagagawang sambahin ang Diyos, ay matatawag na isang iglesia. Hindi ba’t mga teoretikal na depinisyon ng isang iglesia ang mga ito? (Oo.) Nauunawaan at alam ninyong lahat ang nilalaman ng mga pangkalipikang ito sa depinisyon ng iglesia, tama? (Oo.) Kung gayon, ulitin ninyo ito. (Ang isang iglesia ay tumutukoy sa isang kolektibo ng mga tao na taos-pusong nananampalataya sa Diyos at sumusunod kay Cristo. Ang tunay na iglesia ay nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu at ng gabay ng Diyos; pinamamahalaan ito ni Cristo at ng katotohanan, ito ay kung saan ang mga tagasunod ng Diyos ay kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, dumaranas ng gawain ng Diyos, at may buhay pagpasok. Ito ay isang tunay na iglesia. Ang isang iglesia ay naiiba sa mga relihiyosong komunidad. Hindi nakikilahok ang iglesia sa mga relihiyosong ritwal o sa mga panlabas na anyo ng pagsamba sa Diyos.) Ito talaga ang teoretikal na depinisyon ng isang iglesia. Halimbawa, ang pagtukoy sa

isang iglesia bilang isang lugar kung saan nagtitipon ang mga tao na tinawag ng Diyos, o ang pagtukoy sa isang iglesia bilang isang kolektibo ng mga tao na taos-pusong nananampalataya, sumusunod, nagpapasakop, at sumasamba sa Diyos, o ang pagtukoy sa isang iglesia bilang isang pagtitipon ng mga tao na tinawag ng Diyos, at iba pa—sinasalamin ng mga pagtatalagang ito ang ilang batayang pagkaunawa o depinisyon ng isang iglesia ng iba't ibang grupo ng mga mananampalataya. Huwag na nating pag-usapan kung paano eksaktong tinutukoy ng iba't ibang relihiyon at denominasyon ang isang iglesia—para sa ating mga sumusunod sa Diyos, ano ang depinisyon ng isang iglesia? Ito ay walang iba kundi isang grupo ng mga tao na taos-pusong nananampalataya sa Diyos, nagtataglay ng gawain ng Banal na Espiritu, nagtataglay ng gabay ng Diyos, at kayang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, hangarin ang katotohanan, hangarin ang pagpapasakop sa Diyos, at sumamba sa Diyos. Tinutukoy man ito bilang isang lugar, isang kolektibo, isang pagtitipon, isang grupo, isang komunidad, o ano pa mang iba—anumang termino ang ginagamit—ang mga ito ay mga karaniwang pangkalipika para sa depinisyon. Batay sa saligang pagkaunawa ng mga tao tungkol sa isang iglesia, mula sa mga pangkalipika na ginagamit ninyo para tukuyin ang katawagang "iglesia," malinaw na sa oras na ang mga tao ay sumunod sa Diyos at makaunawa sa ilang katotohanan, ang pagkaunawa nila sa iglesia ay hindi na ito isang ordinaryong komunidad o grupo. Sa halip, may kaugnayan ito sa taos-pusong pananampalataya sa Diyos, pagbabasa ng mga salita ng Diyos, pagkakaroon ng gawain ng Banal na Espiritu, at sa kakayahang magpasakop at sumamba sa Diyos, o sa mga aspektong may kinalaman sa buhay pagpasok, disposisyonal na pagbabago, pagpapatotoo sa Diyos, at iba pa. Sa pagtingin dito sa ganitong paraan, pagkatapos simulan ng Diyos ang Kanyang gawain, ang katawagang "iglesia" sa puso ng karamihan ng tao ay nagkaroon na ng mas malalim at mas partikular na pagkaunawa at pagkaarok, isang pagkaunawang mas naaayon sa ideya ng Diyos sa isang iglesia. Hindi na ito kasingsimple ng isang gusali, isang panlipunang komunidad, isang departamento, isang institusyon, o ano pa man; sa halip, nauugnay ito sa mga bagay tulad ng pananampalataya sa Diyos, sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, at pagsamba sa Diyos.

II. Ang Kahalagahan ng Pag-iral ng Isang Iglesia at ang Gawaing Ginagawa Nito

Tungkol sa partikular na konsepto at depinisyon ng isang iglesia, hindi tayo magmamadaling gumawa ng mga kongklusyon sa ngayon. Pagkatapos ninyong magkaroon ng batayang konsepto ng katawagang "iglesia" o ng depinisyon nito, malinaw ba sa inyo ang tungkol sa gayong mga bagay tulad ng kahalagahan ng pag-iral ng isang iglesia, ang gawaing ibinunga ng pag-iral ng isang iglesia, at ang papel na ginagampanan ng isang iglesia sa mga tao? May kaugnayan ba ang nilalaman ng mga aspektong ito sa depinisyon ng isang iglesia? Sa madaling salita, ang ginagawa ng isang iglesia ay ang halaga ng pag-iral nito. Gamitin nating halimbawa ang isang bahay—ano

ang layunin ng bahay na ito? Ano ang kahalagahan at kabuluhan nito para sa mga taong naninirahan dito at gumagamit nito? Kahit papaano, nagbibigay ito ng kanlungan mula sa hangin at ulan, na isa sa mga kahalagahan nito; ang isa pang kahalagahan ay na kapag ikaw ay hapo at pagod at walang mapuntahan, ang tahanan ay isang lugar kung saan ka makapagpapahinga at makapananatili nang may kapayapaan at kasiyahan. Ang bahay na ito ay tinatawag na tahanan, subalit ano ang gamit nito para sa iyo? Nagbibigay ito ng kanlungan mula sa hangin at ulan, pahinga, kaginhawaan, at ng abilidad na magtamasa ng kalayaan, at iba pa; ang mga silbi na ito ay ang kahalagahan ng bahay na ito para sa iyo. Ngayon, muli, ano ang papel ng isang iglesia? Ano ang kahalagahan at kabuluhan ng pagbuo at pag-iral nito? Sa madaling salita, ano ang ginagawa ng isang iglesia, anong papel ang ginagampanan nito? Malinaw ba sa inyo ang tungkol dito? Ano ang partikular na gawain o uri ng gawain ang dapat gawin ng isang iglesia, at ano ang dapat kabilang sa saklaw ng gawain nito, para matawag ito na isang iglesia, para ang gawain na ito ay maging ang dapat na ginagawa ng isang tunay na iglesia? Ito ang ilan sa mga partikular na nilalaman na dapat pagbahaginan kaugnay sa depinisyon ng isang iglesia. Una, ano nga ba ang gawaing ginagawa ng isang iglesia? (Sa pangunahin, nagpapakalat ito ng mga salita ng Diyos, nagpapatotoo sa gawain ng Diyos, at nagpapalaganap ng ebanghelyo, na nagpapahintulot sa mas maraming tao na lumapit sa harap ng Diyos at tumanggap ng Kanyang pagliligtas.) Isa ba itong partikular na gampanin? (Oo.) Ito ang kahalagahan ng pag-iral ng isang iglesia at isa sa mga partikular na gampanin na kailangan nitong gawin, subalit hindi ito ang lahat. Ang pagpapakalat ng mga salita ng Diyos at pagpapatotoo sa gawain ng Diyos ay isang partikular na gampanin. Sino ang responsable para sa gampaning ito? Ito ay ang kasalukuyang pangkat ng mga taga-ebanghelyo. Ano pang ibang gawain ang ginagawa ng isang iglesia? (Pag-oorganisa ng mga kapatid para sama-samang magtipon, kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, at magbahaginan ng mga salita ng Diyos, binibigyang-kakayahan silang patuloy na maunawaan ang katotohanan at magawa ang mga tungkulin nila nang normal.) Ang partikular na gampaning ito ay para akayin ang mga tao na kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, unawain ang katotohanan, at gampanan ang mga tungkulin nila nang normal. Ang pagpapakalat ng mga salita ng Diyos ay isang pangunahin at mahalagang gampanin ng isang iglesia. Ang pag-akay sa mga tao na kainin at inumin ang mga salita ng Diyos, unawain ang katotohanan, at gawin ang mga tungkulin nila nang normal ay ang mahalagang gampanin ng isang iglesia; nakatuon ito sa panloob. Ang dalawang gampaning ito, isang panlabas at isang panloob, ay ang gawaing ibinunga ng pag-iral ng isang iglesia. Masasabi rin na ang mga ito ay ang dalawang mahalagang gampanin na dapat gampanan ng isang iglesia. Mayroon pa bang iba? (Ang isa pang gampanin ay ang pag-akay sa mga tao na maranasan ang paghatol ng Diyos para malinis sila at makamit nila ang disposisyonal na pagbabago.) Ito ay isang partikular na panloob na gampanin ng isang iglesia. Ang lahat ng gampaning ito na nabanggit ninyo ay talagang mga representatibong gawain. Ang pagdanas ng gawain ng Diyos, tulad ng

pagdanas ng iba't ibang kapaligiran, pagdanas ng paghatol, pagkastigo, pagpupungos, at iba pa, na sa huli ay nagkakamit ng disposisyonal na pagbabago at ng kaligtasan, ay isang partikular na gampanin. Ito ang epekto at impluwensiya sa mga tao ng pagbuo at pag-iral ng isang iglesia. Ang gawain ng pagpapakalat ng mga salita ng Diyos at pagpapatotoo sa Diyos ay hindi lang isinasagawa ng pangkat ng mga taga-ebanghelyo; naisasakatuparan din ito sa pamamagitan ng iba't ibang artikulo ng patotoong batay sa karanasan, mga himno, iba't ibang video at pelikula, at iba pa, na bahagi rin ng mga partikular na nilalaman at proyektong kabilang sa gawain ng pagpapakalat ng mga salita ng Diyos. Dagdag pa rito, may mga gampaning nauugnay sa buhay iglesia: ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos para maunawaan ang katotohanan, ang magawang magpasakop sa Diyos at makilala ang Diyos, at ang maranasan ang gawain ng Diyos at ang iba't ibang kapaligirang inihanda ng Diyos sa proseso ng paggawa ng mga tungkulin para makamit ang disposisyonal na pagbabago at ang kaligtasan. Ang mga ito ay ilang gampaning ibinunga batay sa pag-iral ng iglesia pagkatapos itong mabuo. Bukod sa mga pangunahing gampaning ito, mayroon bang mga hindi pangunahing gampanin? Ano ang mga hindi pangunahing gampanin? Tumutukoy ang mga ito sa hindi mahalagang gawain o gawain ng pangkalahatang usapin, na, gayumpaman, ay may ilang benepisyo rin para sa hinirang na mga tao ng Diyos sa paghahangad nila sa katotohanan at paggawa sa mga tungkulin nila; maaaring positibong makaapekto ang gawaing ito sa buhay paglago ng mga tao at sa pagbabago ng kanilang mga pananaw sa mga usapin. Sa mga espesyal na pagkakataon, ang gawain ng pangkalahatang usapin ba na may kaugnayan sa pisikal na pananatiling buhay ng mga tao na lumilitaw mula sa gawain ng iglesia ay maituturing bilang ang kinakailangang gawain ng isang iglesia? Halimbawa, ang pagsasaka, pag-aalaga ng mga hayop, at iba pang aktibidad na nagbibigay ng ilang kinakailangang pagkain para sa mga gumagawa ng kanilang mga tungkulin—maituturing ba ang mga ito bilang ang mahalagang gawain ng isang iglesia? (Hindi.) Paano naman ang pagbibigay ng mga kompyuter, kagamitan, at iba pang bagay para sa mga gumagawa ng kanilang mga tungkulin—maituturing ba ang mga ito bilang ang mahalagang gawain ng isang iglesia? (Hindi.) Kung gayon, ano ang tinutukoy na mahalagang gawain ng isang iglesia? Kasama rito ang depinisyon ng isang iglesia. Maiinam ang mga nauna ninyong depinisyon ng isang iglesia; talagang nasiyahan Ako sa mga ito dahil ang mga pangkalipika sa inyong mga depinisyon ay nauugnay sa gayong mas matataas na katotohanan tulad ng buhay pagpasok ng mga tao, ang kanilang tunay na pananampalataya at pagsunod sa Diyos, pagkilala sa Diyos, at maging ang disposisyonal na pagbabago, pagpapasakop sa Diyos, at pagsamba sa Diyos. Dahil sa puntong ito, ang pag-iral ng isang iglesia ay ganap na hindi para sa kapakanan ng mga bagay na may kaugnayan sa mga buhay at interes ng laman ng mga tao, tulad ng pagpapanatili sa kanila na mainit at busog, pagpapanatili sa kanilang malusog, o pangangalaga sa kanilang kinabukasan. Hindi umiiral ang isang iglesia para suportahan ang pisikal na pananatiling buhay ng mga tao o para pahintulutan ang mga tao na mas mainam na matamasa ang buhay ng laman. Sinasabi

ng ilang tao, “Hindi tama iyan. Ang aming pisikal na buhay at pananatiling buhay ay binanggit sa mga salita ng Diyos, na nagsasabi sa aming mag-aral ng ilang modernong sining at kaalaman tungkol sa pananatiling malusog. Hindi ba’t may kaugnayan ang mga ito sa pananatiling buhay namin?” Itinuturing ba ang mga ito bilang ang mahalagang gawain ng isang iglesia? (Hindi.) Dahil ang isang iglesia ay binubuo ng mga mananampalataya sa Diyos at ang buhay ng mga tao ay natural na kinapapalooban ng pagkain, damit, tirahan, transportasyon, at pang-araw-araw na pangangailangan, kaya natutulungan ng isang iglesia ang mga tao na malutas ang mga isyung ito. Sa pagkakalutas ng mga ito, naiisip ng mga tao, “Ang iglesia ay responsable rin para sa aming mga pang-araw-araw na pangangailangan. Ito ang regular na gawain ng iglesia at ang mahalagang gawain nito.” Hindi ba’t maling pagkaunawa ito? (Oo.) Ano ang nagdudulot ng maling pagkaunawang ito? (Hindi malinaw sa kanila kung ano ang mahalagang gawain ng isang iglesia.) Bakit hindi pa rin ito malinaw sa kanila hanggang ngayon? Hindi ba’t may problema sa kanilang pag-arok? (Oo.) Bakit may problema sa kanilang pag-arok? Ito ay usapin ng kakayahan. Sa huli, dahil ito sa mababang kakayahan.

Tungkol sa mahalagang gawain ng isang iglesia, tatlong aytem ang kababanggit lang: Una ay ang pagpapatotoo at pagpapakalat sa mga salita ng Diyos. Ang isa pa ay ang pag-akay sa mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, pasukin ang realidad ng mga salita ng Diyos, at tulungan ang mga tao na maunawaan ang katotohanan, maisagawa ang mga salita ng Diyos, at mas mahusay na magampanan ang mga tungkulin nila. At ang isa pa ay ang pag-akay sa mga tao na maranasan ang gawain ng Diyos, maranasan ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at maiwaksi ang kanilang mga tiwaling disposisyon para makamit ang disposisyonal na pagbabago batay sa pagkaunawa sa mga salita ng Diyos. Ang lahat ng ito ay naglalayong makamit ng mga tao ang kaligtasan. Ang tatlong aytem na ito ay mahusay na naibuod; ang mga ito ang gawain na kailangang gampanan ng isang iglesia at ang kahalagahan at kabuluhan ng pag-iral ng isang iglesia para sa sangkatauhan, para sa mga miyembro ng iglesia, at para sa hinirang na mga tao ng Diyos. Subalit hindi ito sapat na komprehensibo. Bukod sa mahahalagang gampanin na ito, pag-isipan mong muli ang tungkol sa kung ano ang iba pang mahahalagang benepisyong nakakamit ng mga tao maliban sa pagdanas ng gawaing ito na ginagampanan ng mga iglesia. (Natututo ang mga tao na kilatisin ang iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay.) Ang pagkilatis sa iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay ay medyo malapit; may kaugnayan ito sa mahalagang gawain ng isang iglesia. Kapag pinag-uusapan natin ang mahalagang gawain, pinag-uusapan natin ang tungkol sa mga representatibong gampanin. Ang mga pinagbahaginan natin ngayon-ngayon lang ay ang mga positibong kapakinabangang nakakamit ng mga tao, o ang ilan sa mga gawaing isinasagawa ng mga iglesia na nilalahukan o dinaranas ng mga tao. Maliban sa mahahalagang gampanin na ito, ang isa pang kahalagahan ng pag-iral ng isang iglesia ay ang pagtulong sa mga tao na maunawaan ang sangkatauhan, ang mundo, at ang impluwensiya ng kadiliman. Isa ba itong mahalagang gampanin ng isang iglesia

bukod sa tatlong gampanin na pinagbahaginan ninyo? Isa ba itong partikular na gampanin? (Oo.) Kumpara sa naunang tatlong gampanin, itinuturing ito na isang hindi pangunahing gampanin. Bakit ito itinuturing na hindi pangunahin? Dahil ito ay isang resulta na nakakamit ng mga tao sa pamamagitan ng pagdanas sa naunang tatlong gampanin—nakakamit ito sa pamamagitan ng pagdanas ng gawain ng Diyos, pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, pagkaunawa sa katotohanan, pag-unawa sa sariling tiwaling disposisyon ng isang tao, at pagkilala sa Diyos. Ang resulta ay na nagagawang maunawaan ng mga tao ang tiwaling sangkatauhan na ito, ang madilim na mundong ito, at ang impluwensiya ng kadiliman. Bahagya na bang nakamit ang resultang ito sa kasalukuyan? (Oo.) Hindi ba't ito ang kahalagahan ng pag-iral ng isang iglesia? Hindi ba't ito ang isang silbi at epekto na dapat taglayin ng pag-iral ng isang iglesia para sa mga sumusunod sa Diyos? (Oo.) Sa isang banda, mayroon ito nitong obhetibong epekto; bukod pa rito, positibo at aktibong isinasagawa ng mga iglesia ang gawaing ito. Anong mga partikular na proyekto ang napapaloob sa gawaing ito? Halimbawa, ang mga pelikula tungkol sa hinirang na mga tao ng Diyos na nakararanas ng pang-aaresto at pagpapahirap—sa isang banda, mga patotoo ang mga ito na ginawa ng mga sumusunod sa Diyos kapag nagdurusa sila ng brutal na pag-uusig ni Satanas; sa kabilang banda, inilalantad ng mga ito kung paanong ang tiwaling sangkatauhang ito, ang madilim na mundong ito, at ang masasamang impluwensiya ay lumalaban at kumokondena sa Diyos at sa katotohanan, pati na rin ang iba't ibang paraan kung paano nila brutal na inuusig ang mga sumusunod sa Diyos. Habang inilalantad ang mga bagay na ito, nakatutulong ang mga pelikula na maunawaan ng mga tao ang sangkatauhan, ang mundo, at ang impluwensiya ng kadiliman mula sa perspektibang ito. May mga tao na nagsasabing, "Ano ang ibig Mong sabihin sa 'maunawaan ang sangkatauhan at ang mundo'?" Kayong lahat, ano sa tingin ninyo ang ibig sabihin nito? (Ang pagkaunawa sa kadiliman at kabuktutan ng sangkatauhan at ng mundo, pati na rin ang pagkaunawa sa diwa ng lahat ng sangkatauhan bilang mga kaaway ng Diyos.) Tama. Ibig sabihin nito ay ang pagkaunawa sa kabuktutan at kadiliman ng sangkatauhan, pagkaunawa sa mga pangit na mukha at mga tunay na kulay ng lahat ng sangkatauhan bilang mga kaaway ng Diyos. Ang mga video tungkol sa pagpapahirap o mga personal na patotoong batay sa karanasan ay mga partikular na halimbawa ng gawaing ito na ginagawa ng mga iglesia. Bukod pa rito, ang paglalantad sa tradisyonal na kultura, mga moral na pananaw ng tao, ang mga kaisipan ng ilang partikular na pangkat-etniko o lahi, pati na rin sa mga tradisyonal na doktrina ng Taoismo at Confucianismo sa Tsina, ilang huwad na katotohanan, at mga alituntunin ng pamilya at pagpapalaki sa mga anak na gumagapos sa mga tao at naglilimita sa mga kaisipan nila—ano ang layon ng paglalantad sa mga ito? Anong kategorya ng gawain ang kinabibilangan nito? Hindi ba't ang nilalaman na dati Kong hinimay sa kuwentong "Ang pagtulog sa mga Sanga at Pagdila sa Apdo" ay bahagi ng pag-unawa sa mundo, sa sangkatauhan, at sa impluwensiya ng kadiliman? (Oo.) Ito ay isang halimbawa ng partikular na nilalaman ng gawaing ito. Kaya, ang

gawaing ito ay isa ring partikular na gampanin na dapat gampanan ng isang iglesia. Sa pagbubuod, ang gawain ng isang iglesia ay, sa isang banda, ang positibong gabayan ang mga tao sa katotohanang realidad sa pamamagitan ng katotohanan, inaakay sila para makamit ang pagpapasakop sa Diyos. Sa kabilang banda, ito ay para ilantad ang sataniko, madilim na mundo, ilantad ang iba't ibang pagkilos ng pagkamapanlaban ni Satanas sa katotohanan at sa Diyos, at ilantad ang masasamang kalakaran sa lipunan ng tao, ang iba't ibang ideya at kuru-kuro ng tiwaling sangkatauhan, pati na rin ang kanilang mga maling pananampalataya, panlilinlang, at iba pa, para maunawaan ng mga tao ang tunay na kalikasan at diwa ng buktot na kapanahunang ito. Hindi ba't ito ang mahalagang gawain ng isang iglesia? (Oo.) Sa katunayan, marami na kayong nakamit mula sa gawain ng iglesia at nagkamit na kayo ng maraming benepisyo. Pagdating sa mga tao sa iglesia, sila man ay ang mga interesado sa katotohanan, o ang mga hindi interesado sa katotohanan, pagkatapos ng tatlo hanggang limang taon ng pagsunod sa Diyos, sa pamamagitan ng mga pagtitipon para makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, magdasal-magbasa ng mga salita ng Diyos, at pagdanas ng pag-uusig at paninira mula sa mga walang pananampalataya, mga panggugulo mula sa masasamang tao at mga anticristo, at lahat ng uri ng ibang tao, pangyayari, at bagay, hindi nila mamamalayang makikilatis at mauunawaan nila ang madilim na mundong ito, ang buktot na sangkatauhan, ang mga namumunong awtoridad, at ang masamang impluwensiya ng buong mundo. Ito ang mga kapakinabangang nakakamit nila. At paano nagkakaroon ng mga kapakinabangang ito? Dulot ba ang mga ito ng pag-iral ng mga iglesia? Dulot ba ang mga ito ng gawaing ginagawa ng mga iglesia? (Oo.) Sa isang banda, nagkamit na ang mga tao ng kaunting pagkaunawa sa mga salita, gawain, at disposisyon ng Diyos; sa kabilang banda, nagkamit din sila ng ilang kaukulang kamalayan at pagkilatis sa mundo, sa sangkatauhan, at sa impluwensiya ng kadiliman. Ang mga resulta at positibong epekto ng dalawang kapakinabangang ito sa mga tao ay ang dapat nilang makamit para matamo ang kaligtasan.

Ang gawain ng isang iglesia ay maibubuod bilang pagpapakalat at pagpapatotoo sa mga salita at gawain ng Diyos, at pag-akay sa mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos para maunawaan nila ang katotohanan, maisagawa ang mga salita ng Diyos, at mas mahusay na magampanan ang mga tungkulin nila. Bukod pa rito, sa pundasyon ng pagkaunawa sa katotohanan, maaari nilang maranasan ang gawain ng Diyos, maiwaksi ang mga tiwali nilang disposisyon, at makamit ang pagbabago sa disposisyon. Bukod sa tatlong aspektong ito, kinabibilangan ito ng pagtulong sa mga tao na maunawaan ang buktot na sangkatauhan, ang madilim na mundo, at ang impluwensiya ng kadiliman. Bagaman hindi marami ang mga proyekto ng gawain ng iglesia, ang partikular na nilalaman nito ay malawak. Ang nilalaman ay pawang nauugnay sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, sa pagwaksi sa mga tiwaling disposisyon ng isang tao, at sa pagpapasakop sa Diyos; siyempre, higit pa itong nauugnay sa pagkakaligtas. Ito ang silbi ng isang iglesia at ang kahalagahan ng pag-iral ng isang

iglesia. Ang bawat aspekto ng gawain ng isang iglesia ay malapit na nauugnay sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos dahil kinapapalooban ito ng kung paano tinatrato ng mga tao ang mga salita ng Diyos, ang saloobin nila sa Diyos, ang kaligtasan nila, at ang mga pananaw at saloobin nila sa mundo, sa sangkatauhan, at sa impluwensiya ng kadiliman. Sa madaling salita, ang pag-iral ng isang iglesia ay malapit na nauugnay sa lahat ng tao, at ang gawaing ginagawa ng isang iglesia, kasama ang kahalagahan at kabuluhan ng pag-iral nito, ay hindi maihihiwalay mula sa bawat tao na tumatanggap ng pagliligtas ng Diyos.

Pagkatapos magbahaginan tungkol sa partikular na gawain na kailangang gawin ng isang iglesia, talakayin natin ang mga hindi angkop na depinisyon at pananaw ng mga tao tungkol sa katawagang “iglesia” at sa kabuluhan ng pag-iral ng isang iglesia. Una sa lahat, iniisip ng mga tao ang isang iglesia bilang isang lugar na medyo nakagiginhawa, isang lugar na puno ng init at liwanag ng araw, isang lugar na medyo kaaya-aya na walang hidwaan, digmaan, patayan, o pagdanak ng dugo—isang ideyal na lugar na pinapangarap ng puso ng mga tao, puno ng kaligayahan. Dito, walang inggitan o alitan, walang pagpapakana, walang masasamang kalakaran, o anumang iba pang penomenong matatagpuan sa mundong walang pananampalataya. Itinuturing itong isang ideyal na daungan kung saan maaaring iangkla ng mga tao ang kanilang puso. Kahit gaano man kaganda ang mga imahinasyon ng mga tao sa katawagang “iglesia,” sa kabuuan, nakakahanap ang mga tao ng partikular na dami ng espirituwal na panustos sa iglesia. Ang espirituwal na panustos na ito ay may mas kongkretong silbi para sa mga tao: Kapag nakatatagpo sila ng mga paghihirap, maaari silang magtungo sa iglesia para ipahayag ang kanilang mga problema, at ang iglesia ay makatutulong sa kanilang ibsan ang mga alalahanin at lutasin ang kanilang mga paghihirap. Halimbawa, kung makatagpo sila ng mga paghihirap sa trabaho o sa buhay, kung suwail ang kanilang mga anak, kung nakikiapid ang kanilang asawa, kung may mga hidwaan sa pagitan ng mga biyenan at manugang, kung may mga alitan sa mga kasamahan sa trabaho o sa mga kapitbahay, kung inaapi ang kanilang mga anak, kung inaangkin ang kanilang lupain ng ilang pinunong diktador, at iba pa—kapag nangyayari ang mga bagay na ito, umaasa sila na may isang tao sa iglesia na makapaninindigan para sa kanila at makatutulong na lutasin at ayusin ang mga isyung ito. Sa isipan ng mga tao, ang isang iglesia ay gayong lugar. Walang duda, sa isipan ng mga tao, ang isang iglesia ay isang kanlungan, isang ideyal na paraiso, isang lugar para ibsan ang mga alalahanin at lutasin ang mga paghihirap, alisin ang karahasan at hayaang mamuhay ang mabubuting tao nang payapa, at itaguyod ang katarungan. Kung magiging mahirap ang buhay, dapat magkaloob ng tulong ang iglesia; kung walang gulay na makakain at walang bigas na mailuluto, dapat mamahagi ang iglesia ng mga ito; kung walang mga damit, dapat bumili ang iglesia ng mga ito; kung may magkakasakit, dapat magbayad ang iglesia para sa pagpapagamot. Kapag may isang taong nakakatagpo ng mga paghihirap sa trabaho, dapat mag-abot ng tulong ang mga kapatid sa iglesia, gumamit ng mga impluwensiya,

gumamit ng mga koneksiyon, o magbigay ng gabay. Kapag ang mga anak ng isang tao ay kumukuha ng mga entrance exam sa kolehiyo, humihingi sila ng tulong sa iglesia para makahanap ng mas maraming tao na mananalangin para sa kanila, nagsisikap na matiyak na ang kanilang mga anak ay tagumpay na makapapasok sa kolehiyo. Anuman ang mga paghihirap na nakatatagpo, basta't nagpupunta ang isang tao sa iglesia, ang lahat ng paghihirap na ito ay maaaring malutas at maayos. Kahit na magdusa ang isang tao ng pang-aabuso sa mga kamay ng masasamang tao, makakaya ng iglesia, na may maraming tao at malaking impluwensiya, na ayusin ang mga bagay-bagay. Sa panghihikayat at pagsuporta ng marami, hindi na maduruwag o matatakot ang isang tao na maapi ng mga sanggano. Kahit kapag inaapi, itinatakwil, at patuloy na nakikibaka sa lipunan nang walang paraan para makapaghanap-buhay, maaaring humingi ng tulong at magandang payo ang isang tao mula sa iglesia, at makahanap ng angkop na trabaho. Ang lahat ng bagay na ito, at marami pang iba, ay ang papel na pinaniniwalaan ng mga tao na dapat gampanan ng isang iglesia at ang gawaing dapat nitong gampanan. Batay sa mga pag-iisip at kuru-kuro ng mga tao, o mula sa hinihingi nila sa isang iglesia, malinaw na walang duda nilang tinitingnan ang iglesia bilang isang institusyong pangkapakanan, isang organisasyong pangkawanggawa, isang ahensya para sa paghahanap ng romantikong kapareha o paghahanap ng trabaho, o isang Red Cross Society. Iniisip pa nga ng ilan na kahit gaano sila kahusay o anuman ang katayuan nila sa lipunan at sa sangkatauhan, palagi silang nangangailangan ng isang makapangyarihang entidad na masasandigan. Kapag nakatatagpo sila ng mga paghihirap sa lipunan o nahaharap sa mga makapangyarihan, kailangan nila ng isang malakas na puwersang susuporta sa kanila, magsasalita para sa kanila, mangangasiwa ng mga bagay-bagay para sa kanila, at makikipaglaban para sa kanilang mga karapatan at interes. Sa pananaw nila, matutupad ng iglesia ang papel na ito at makakamit ang inaasam nilang balak, kaya't ang iglesia ang nagiging tangi nilang pagpipilian. Malinaw na tinitingnan nila ang iglesia bilang isang unyon o asosasyong panlipunan, tulad ng unyon ng mga guro, unyon sa transportasyon, asosasyon ng mga magsasaka, asosasyon ng mga kababaihan, asosasyon ng matatanda, at iba pa—mga ganitong uri ng mga grupo at organisasyong panlipunan. Anuman ang mga depinisyon ng mga tao tungkol sa kung ano talaga ang isang iglesia, batay sa gawaing ginagampanan ng iglesia at sa tumpak na depinisyon nito, malinaw na ang mga saloobin at hinihingi ng mga tao sa iglesia ay hindi tama at hindi wasto, at hindi dapat taglayin ng mga tao ang mga ito. Ang iglesia ay hindi isang lugar para "pagnakawan ang mayayaman para pakainin ang mahihirap," alisin ang karahasan at hayaang mamuhay ang mababuting tao nang payapa, o itaguyod ang katarungan, lalong hindi ito isang lugar para tulungan ang mundo at iligtas ang mga tao o ibsan ang mga alalahanin ng mga tao at lutasin ang mga paghihirap nila. Ang iglesia ay hindi isang organisasyong pangkawanggawa, hindi isang institusyong pangkapakanan, at hindi isang komunyong panlipunan. Ang pagtatatag at presensiya ng iglesia ay hindi para gumanap bilang isang grupo o organisasyong panlipunan. Maliban sa ilang mahalagang

gampanin na dapat isagawa ng isang iglesia, na ang patotohanan at ipakalat ang mga salita ng Diyos, at akayin ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, danasin ang gawain ng Diyos, at iwaksi ang kanilang mga tiwaling disposisyon para makamit ang kaligtasan, walang obligasyon ang isang iglesia na magkaloob ng anumang mga serbisyo o tulong sa lipunan o anumang pangkat-etniko. Dagdag pa rito, ang isang iglesia ay hindi isang lugar para makipaglaban para sa mga karapatan at interes ng mga tao at wala itong obligasyon na siguruhin ang pisikal na buhay, katayuan sa lipunan, mga titulo sa trabaho, sahod, kapakanang panlipunan ng mga tao, at iba pa. Sa mga kuru-kuro ng mga tao, naniniwala sila na ang mga silbi ng isang iglesia ay ang alisin ang karahasan at hayaang mamuhay ang mabubuting tao nang payapa, itaguyod ang katarungan, ibsan ang mga alalahanin ng mga tao at lutasin ang kanilang mga paghihirap, tulungan ang mundo at iligtas ang mga tao, at makipaglaban para sa mga karapatan at interes ng mga tao—pangunahin ang mga silbing ito. Samakatwid, naniniwala ang mga tao na ang iglesia ang kanilang agarang tulong at na ang anumang paghihirap ay maaaring malutas at maisaayos ng iglesia. Malinaw na tinitingnan ng mga tao ang iglesia bilang isang institusyon, organisasyon, o grupong panlipunan. Gayumpaman, ang iglesia ba ay ganoong institusyon? (Hindi ito ganoon.) Kung ang mga tungkulin at papel na pinaniniwalaan ng mga tao na dahilan kaya umiiral ang isang iglesia ay para alisin ang karahasan at hayaang mamuhay ang mabubuting tao nang payapa, itaguyod ang katarungan, ibsan ang mga alalahanin ng mga tao at lutasin ang mga paghihirap nila, tulungan ang mundo at iligtas ang mga tao, makipaglaban para sa mga karapatan at interes ng mga tao, at iba pa, ang iglesiang ito ay hindi matatawag na isang iglesia dahil wala itong koneksiyon sa mga salita ng Diyos, sa gawain ng Banal na Espiritu, o sa gawain ng Diyos ng pagliligtas ng mga tao. Ang gayong grupo o organisasyon ay dapat tawagin lang na isang grupo o organisasyon, na walang kaugnayan sa isang iglesia, ni anumang koneksiyon sa gawain ng isang iglesia. Kung ang isang organisasyon, sa ilalim ng bandila ng pananampalataya sa Diyos, ay nakikilahok sa mga aktibidad tulad ng pagdalo sa mga serbisyo, pagsamba sa Diyos, pagbabasa ng Bibliya, pagdarasal, pag-awit ng mga himno, at pagpupuri, o kahit na mayroon itong mga pormal na pagtitipon at pagsamba, pati na rin ng tinatawag na mga pulong para sa pag-aaral ng Bibliya, mga pulong para sa pananalangin, mga pulong ng mga magkakatrabaho, mga pulong para sa pagpapalitan, at iba pa, anuman ang uri ng mga miyembro at estruktura nito, walang koneksiyon ang mga ito sa isang tunay na iglesia. Kaya, ano nga ba mismo ang isang tunay na iglesia? Paano ito nabubuo? Ang isang tunay na iglesia ay nabubuo dahil sa pagpapakita ng Diyos, sa Kanyang gawain, at sa Kanyang pagpapahayag ng katotohanan para iligtas ang sangkatauhan. Nabubuo ito kapag ang mga tao ay naririnig ang tinig ng Diyos, lumalapit sa Diyos, at nagpapasakop sa gawain ng Diyos. Ito ang isang tunay na iglesia. Ang isang iglesia ay hindi inorganisa at itinatag ng mga tao kundi personal na itinatag ng Diyos at personal na inakay at pinastol ng Diyos. Samakatwid, may mga atas ang Diyos para sa Kanyang mga iglesia. Ang misyon ng isang iglesia ay ang ipakalat ang

mga salita ng Diyos, patotohanan ang gawain ng Diyos, at tulungan ang mga tao na marinig ang tinig ng Diyos, bumalik sa presensiya ng Diyos, tanggapin ang pagliligtas ng Diyos, danasin ang gawain ng Diyos para makamit ang pagliligtas ng Diyos, at magpatotoo para sa Diyos—ganoon lang iyon kasimple. Ito ang kahalagahan at kabuluhan ng pag-iral ng isang iglesia.

III. Ang Depinisyon ng Isang Iglesia

Pagkatapos magbahaginan tungkol sa paksa ng kung ano ang isang iglesia, mayroon na kayo ngayong kaunting pang-unawa sa pagbuo ng isang iglesia, sa gawaing ginagawa ng isang iglesia, at sa mga resultang nakakamit nito. Kaya din ninyong maunawaan ang ilan sa kahalagahan at kabuluhan ng pag-iral ng isang iglesia. Kaya, makagagawa na ba tayo ngayon ng isang tumpak na depinisyon ng kung ano eksakto ang isang iglesia? Una sa lahat, ang isang iglesia ay hindi isang lugar para bigyan ang mga tao ng emosyonal na kaaliwan, ni hindi rin ito isang lugar para siguruhing may sapat na pagkain at damit ang mga tao o para bigyan sila ng kanlungan. Ang isang iglesia ay hindi isang lugar para siguruhin ang mga pisikal na karapatan at interes ng mga tao o para lutasin ang mga paghihirap na kinakaharap nila sa buhay. Hindi ito isang lugar para punan ang mga espirituwal na kakulangan ng mga tao at magbigay ng espirituwal na panustos. Dahil ang mga iglesia ay hindi ang kung ano ang inaakala ng mga tao batay sa mga kuru-kuro at imahinasyon nila, kung gayon ano nga ba ang partikular na depinisyon ng isang iglesia? Ano nga ba mismo ang isang iglesia? Sa Bibliya, nagbigay ang Panginoong Jesus ng pundamental na paglalarawan sa kung ano ang pagtatalaga ng isang iglesia. Paano nga ba Niya ito ipinahayag? (“Sapagkat kung saan nagtitipon ang dalawa o tatlo sa Aking pangalan, ay naroroon Ako sa gitna nila” (Mateo 18:20).) Ang mga salitang ito ay nangangahulugan na gaano man karaming tao ang sama-samang nagtitipon, hangga’t nasa kanila ang gawain ng Banal na Espiritu at nararamdaman nila na kasama nila ang Diyos, ang lugar na iyon ay isang iglesia—iyon mismo. Sa mga huling araw, nagpakita ang Diyos para gumawa at magpahayag ng katotohanan. Kapag ang mga tao ay nagsasama-sama para kumain at uminom, magdasal-magbasa at magbahaginan ng mga salita ng Diyos, naroroon ang Diyos, at gayundin ang kaliwanagan ng Banal na Espiritu, na nangangahulugang kinikilala ito ng Diyos bilang isang iglesia. Kung ang mga tao ay nagtitipon subalit hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos, kung ginagaya lang nila ang mga hungkag na espirituwal na doktrina, at hindi nila maramdaman ang gawain ng Banal na Espiritu, hindi ito isang iglesia, dahil hindi ito kinikilala ng Diyos, at kaya ay wala itong gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga pagtitipon kung saan naroroon ang Diyos ay pinagpapala at ginagabayan Niya, at kapag nagsasama-sama ang mga tao sa gayong mga pagtitipon, kumakain at umiinom man sila ng mga salita ng Diyos, nagbabahaginan sa katotohanan, o ginagamit ang katotohanan para lutasin ang mga problema, ang lahat ng ito ay may kaugnayan sa mga hinihingi at pamumuno ng Diyos, at kaya pinagpapala Niya ang lahat ng ito. Kaya naman,

hangga't ang ganitong uri ng pagtitipon ay may gabay, pamumuno, at presensiya ng Diyos, matatawag itong isang iglesia. Ito ang pinakasimple at pinakapundamental na depinisyon ng isang iglesia, at ito ang depinisyon ng isang iglesia noong Kapanahunan ng Biyaya. Nabuo ito sa konteksto ng gawain ng Diyos sa panahong iyon, at kaya tumpak at totoo ito. Pero sa yugtong ito ng gawain ng paghatol ng Diyos sa mga huling araw, dahil nagsalita ang Diyos ng mas maraming salita, at gumawa ng mas malaking gawain, ang depinisyon ng isang iglesia ay dapat na mas lumalim kaysa sa pundamental na depinisyon mula sa Kapanahunan ng Biyaya. Higit nang umusad ang gawain ng Diyos. Ang isang iglesia ay hindi na lang nagtatampok ng gawain ng Banal na Espiritu at ng presensiya ng Diyos. Ngayon ay personal nang gumagawa ang Diyos sa Kanyang mga iglesia, ginagabayan at pinapastol ang mga ito; ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nakakakain at nakakainom ng mga kasalukuyan Niyang salita, at nakasusunod at nakapagpapatotoo kay Cristo. Samakatwid, ang depinisyon ng iglesia sa mga huling araw ay mas detalyado na kaysa sa depinisyon nito noong Kapanahunan ng Biyaya; ito ay isang mas malalim, mas tumpak, at mas partikular na paglalarawan kaysa sa dati, at siyempre ito ay hindi maihihiwalay sa katotohanan at sa mga salita ng Diyos. Kaya ano ang pinakatumpak at pinakaangkop na paraan ng pagbibigay-depinisyon sa iglesia? Una, ang batayang depinisyon ay na dapat na isang grupo ng mga tao na taos-pusong sumusunod sa Diyos. Higit na partikular, ang isang iglesia ay isang grupo ng mga tao na taos-pusong sumusunod sa Diyos, na pinamamahalaan ng Kanyang mga salita, naghahangad sa katotohanan, nagsasagawa at dumaranas sa Kanyang mga salita, at kayang magpasakop at sumamba sa Diyos, sumunod sa Kanyang kalooban, at magtamo ng Kanyang pagliligtas. Ang mahalagang bahagi ng depinisyong ito ay "isang grupo ng mga tao." Ang iglesia ay hindi isang lugar, o isang kolektibo, o isang komunidad, lalong hindi ito isang pagtitipon lang ng isang grupo ng mga tao na may pananalig. Ang "grupo" ay maaaring binubuo ng humigit-kumulang isang dosenang tao, o tatlumpu hanggang limampung katao, o siyempre, maaaring mas marami pa. Maaari silang magtipon nang sama-sama, o maaari silang mahati sa mas maliliit na grupo para magtipon; ito ay naibabagay sa mga pangyayari at nababago. Sa madaling salita, kapag ang mga tagasunod na ito ng Diyos ay dumadakila, nagpapatotoo, at sumasamba sa Kanya, at sumusunod sa Kanyang kalooban, sila ay isang iglesia. Gaano karami man silang nagtitipon nang sama-sama, isa pa rin silang iglesia. Halimbawa, ang 50 katao ay tinatawag na isang maliit na iglesia, at ang 100 katao ay tinatawag na isang malaking iglesia—ang laki ng iglesia ay natutukoy batay sa bilang ng mga miyembro. May malaki, katamtaman, at maliit na mga iglesia, ang bilang ng mga tao sa isang iglesia ay hindi nakapirmi. Muli nating tingnan ang depinisyon ng isang iglesia: isang grupo ng mga tao na taos-pusong sumusunod sa Diyos, na pinamamahalaan ng Kanyang mga salita, naghahangad sa katotohanan, nagsasagawa at dumaranas sa Kanyang mga salita, at kayang magpasakop at sumamba sa Diyos, sumunod sa Kanyang kalooban, at magtamo ng Kanyang pagliligtas. Bakit ganito binibigyang-depinisyon ang isang iglesia?

Dahil gusto ng Diyos na gumawa sa mga iglesia, at nais ng Diyos na iligtas ang grupong iyon ng mga tao. Tanging ang ganitong uri ng grupo ng mga tao ang matatawag na isang iglesia. At tanging kapag nagsasama-sama ang ganitong grupo ng mga tao, saka lang sila makakakain at makaiinom ng mga salita ng Diyos nang normal at makapagsasagawa ng mga ito, at tunay na makapagdarasal sa Diyos, makapagpapasakop sa Kanya, at makasasamba sa Kanya. Ang grupong iyon ng mga tao ay pinamamahalaan at inaakay ng mga salita ng Diyos; kaya, sa pamamagitan ng gayong grupo ng mga tao nalilikha ang depinisyon ng isang iglesia. Dahil hindi tinatanggap ng mga tao sa mga relihiyon ang katotohanan at hindi nila tinatanggap ang gawain ng Diyos, at hindi sila inililigtas ng Diyos, hindi sila isang iglesia, isa silang relihiyosong komunidad. Ito ang pinakamalinaw na pagkakaiba sa pagitan ng isang iglesia at relihiyon. Tanging ang isang iglesia ang pinamamahalaan ng mga salita ng Diyos, at tanging ang isang iglesia na personal na pinapastol ni Cristo ang pinamamahalaan ng mga salita ng Diyos. Ano ang ibig sabihin ng pinamamahalaan ng mga salita ng Diyos? Kailangan ba nating banggitin ang gawain ng Banal na Espiritu, o ang gabay, kaliwanagan, at pagtanglaw ng Banal na Espiritu rito? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, alin ang mas praktikal: ang mapamahalaan ng mga salita ng Diyos, o ang magkaroon ng gawain ng Banal na Espiritu? (Ang mapamahalaan ng mga salita ng Diyos.) Ang mapamahalaan ng mga salita ng Diyos ay mas praktikal at mas kongkreto. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay nagbibigay lang sa mga tao ng kaunting kaliwanagan at pagtanglaw para tulungan silang maunawaan ang katotohanan at akayin silang hanapin ang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa mga salita ng Diyos. Ang nakamit na resulta ay na pinamamahalaan sila ng mga salita ng Diyos. Kung hindi gumawa ang Banal na Espiritu, makakaya pa rin ba ng mga tao na tuparin ang mga tungkulin nila sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga salita ng Diyos at pag-arok sa mga prinsipyo? (Oo.) Ngayon, ipinahayag na nang labis ang mga salita ng Diyos; madalas na nakikinig ang mga tao sa mga sermon at kaya nilang maunawaan ang mga salita ng Diyos. Kahit wala ang gawain ng Banal na Espiritu, alam ng mga tao kung ano ang dapat gawin. Iyong mga nagmamahal sa katotohanan ay makapagsasagawa ng mga salita ng Diyos at makapagpapasakop sa gawain ng Diyos basta't nauunawaan nila ang katotohanan. Iyong mga hindi nagmamahal sa katotohanan ay hindi mauunawaan ang mga salita ng Diyos kahit marinig nila ang mga ito, at kahit na nakauunawa sila nang bahagya, hindi nila gugustuhing magsagawa, at sa gayon ay maaari lang silang maitiwalag. Sa mga huling araw, tuwirang ipinahahayag ng Diyos ang katotohanan para personal na akayin at ipastol ang mga tao. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay pantulong lang. Tulad ito ng kapag ang isang bata ay nag-aaral pa lang maglakad; minsan may isang matandang tutulong sa kanya. Kapag nakapaglalakad na nang maayos at nakatatakbo na ang bata, hindi na siya kailangang alalayan ng sinuman. Samakatwid, ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi absoluto, ni hindi ito napakahalaga. Kapag ang mga tao ay pinamamahalaan ng mga salita ng Diyos, ibig sabihin nito ay na nauunawaan nila ang mga salita ng Diyos, nauunawaan ang katotohanan, at alam nila kung ano ang

ibig sabihin ng mga salita ng Diyos at kung ano ang mga prinsipyo at pamantayang hinihingi ng Diyos sa mga tao, at na kaya nilang maunawaan at mailapat ang mga prinsipyo at pamantayang ito. Ito ang ibig sabihin ng pinamamahalaan ang puso ng mga tao ng mga salita ng Diyos. Nagsalita na ang Diyos tungkol sa mga bagay na ito nang may sapat na kalinawan at kaliwanagan, kaya't hindi na kailangang banggitin pa ang gawain ng Banal na Espiritu rito. Sa mga huling araw, ang Diyos ay nagpahayag ng napakaraming katotohanan, ginagawang malinaw at kauna-unawa sa mga tao ang bawat katotohanan. Samakatwid, ang gawain ng Banal na Espiritu ay hindi ganoon kahalaga at ito ay pantulong lang. Tanging kapag hindi nauunawaan ng mga tao ang katotohanan o kapag hindi nagsalita ang Diyos ng napakaraming salita nang may gayong kahustuhan at kalinawan na gumagawa ang Banal na Espiritu ng ilang gawain na pantulong, may kalikasan na mapang-udyok, na nagbibigay sa mga tao ng ilang simpleng liwanag at nagsisilbi para himukin sila nang bahagya, tinutulungan silang gumawa ng mga tamang pagpili at tumahak sa tamang landas sa kanilang buhay at iba't ibang kapaligiran. Ngayon ay ang kapanahunan ng mga salita ng Diyos, kung saan personal na nagsasalita ang Diyos para akayin ang sangkatauhan, at ang mga salita ng Diyos ang nangingibabaw sa lahat. Ang gawain ng Banal na Espiritu ay pantulong lang. Kapag ang mga tao ay nauunawaan ang katotohanan, kayang isagawa ang mga salita ng Diyos, at namumuhay ayon sa mga salita ng Diyos, ang mga layunin ng Diyos ay natutugunan.

Tingnan natin ang unang parirala sa batayang depinisyon ng isang iglesia: "Taos-pusong sumusunod sa Diyos." Ang "taos-puso" na ito ay may partikular na kahulugan. Hindi ito tumutukoy sa mga taong nagpapalipas lang ng oras, iyong mga masabi lang na nakikilahok sila, iyong mga nakikinabang hangga't nais nila, iyong mga umaasa sa biyaya para sa kaligtasan, o iyong mga may anumang mga lihim na motibo at mga layon. Kaya, ano ang ibig sabihin ng "taos-puso"? Ang pinakapayak at pinakasimpleng paliwanag ay ito: Basta't may naririnig ang isang tao tungkol sa Diyos, sa katotohanan, o sa Lumikha, siya ay nakararamdam ng pananabik sa puso niya, kusang-loob na tumatalikod, kusang-loob na nag-aalay ng sarili niya, kusang-loob na nagtitiis ng paghihirap, at handang lumapit sa Diyos para tanggapin ang tawag ng Diyos, at abandonahin ang lahat para sumunod sa Diyos. Basta't mayroon siyang tapat na puso, sapat na iyon. Sinasabi ng ilang tao: "Bakit hindi Mo sabihin na ito ay isang grupo ng mga tao na puno ng pananalig na sumusunod sa Diyos?" Hindi kayang abutin ng mga tao ang antas na iyon. Sa mga gumagawa ngayon ng kanilang mga tungkulin, may ilang nanampalataya na nang may sampung taon, at may ilang nanampalataya na nang dalawampu o tatlumpung taon; ang pagiging ganito kataos-puso ay talagang sapat na. Ang pagtukoy rito bilang pagiging puno ng pananalig ay hindi tumpak. Ang depinisyon natin sa isang iglesia ay nakabatay sa isang batayan at partikular na sitwasyon, nang hindi hinahanapan ng mali ang mga salita o itinatakda ang depinisyon at pamantayan nang sobrang taas, dahil hindi iyon magiging praktikal. Sinasabi ng ilang tao, "Ang pagsasabi ng 'taos-puso' at 'puno ng pananalig' ay hindi sapat. Dapat itong tawaging isang grupo ng matutuwid na tao na may

takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan—napakahusay niyon!" Kung itatakda natin ang pamantayan nang ganito kataas, ang mga sumusunod na pariralang, "naghahangad sa katotohanan, nagsasagawa at dumaranas sa Kanyang mga salita," ay pawang hindi na kakailanganin. Ang pangunahing punto ay na ang lahat ng miyembro ng iglesia ay iyong mga gustong iligtas ng Diyos. Ang grupong ito ng mga tao ay puno ng mga tiwaling disposisyon ni Satanas at puno ng mga kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa Diyos. Sa mas makatotohanang pagsasalita, sila ay puno ng paghihimagsik, walang pagpapasakop, hindi nakauunawa sa katotohanan, at walang anumang kaalaman tungkol sa Diyos—ito ang pinakamakatotohanang sitwasyon. Samakatwid, sa mga mata ng Diyos, ang mga miyembro ng iglesia ay nasa gayong tunay na sitwasyon at aktuwal na katayuan. Ang pagpili ng Diyos ng mga tao ay nakabatay sa pangunahing kondisyong ito: kung kaya nilang taos-pusong sumunod sa Diyos, at tunay na gumugol ng sarili nila at tumalikod. Sinasabi ng ilang tao na, "Kung taos-puso sila, bakit mayroon pa rin silang mga labis-labis na pagnanais? Kung taos-puso sila, bakit nais pa rin nilang magkamit ng mga biyaya?" Ang mga ito ay unti-unting magbabago habang dinaranas ng mga tao ang gawain ng Diyos. Sa ngayon, binibigyang-depinisyon natin ang batayang konsepto ng isang iglesia. Ang batayang konseptong ito ay ang pinakamababang hinihingi at ang pinakamababang pamantayan para sa pagpili ng Diyos ng mga tao. Ang mga pamantayang ito ay hindi talaga hungkag o eksaherado; partikular na naaayon ang mga ito sa inyong tunay na sitwasyon. Sa madaling salita, kapag pinili kayo ng Diyos at nagpasya Siyang iligtas ang sinuman sa inyo, ang mga ito ang mga pamantayang tinitingnan ng Diyos. Kung matutugunan mo ang mga hinihinging ito, dadalhin ka ng Diyos sa sambahayan Niya at magiging miyembro ka ng iglesia. Ito ang aktuwal na sitwasyon. Samakatwid, ang unang parirala sa depinisyon ng isang iglesia ay "taos-pusong sumusunod sa Diyos"; ito ay medyo tumpak. Ang grupong ito ng mga tao ay kulang ng pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa kasamaan, kulang sila ng kakayahang kumawala mula sa madilim na impluwensiya, at kulang sila ng ganap na paghihimagsik laban sa mundo at sa malaking pulang dragon. Kulang sila ng lahat ng bagay na ito. Bakit? Dahil binanggit din ng depinisyon ang kakayahang hangarin ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Sa proseso ng paghahangad, dahil ang mga tao ay may pusong nagmamahal sa katotohanan at nananabik para sa katotohanan, magagawa nilang maranasan at maisagawa ang mga salita ng Diyos, at sa huli, makasasamba sila sa Diyos. Ang pagsamba sa Diyos ay kinabibilangan ng pagpapasakop sa Diyos, pakikinig sa mga salita ng Diyos, pagtanggap sa mga pamamatnugot ng Diyos, at pagtanggap sa kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Sa huli, ang grupong ito ng mga tao ay makapagkakamit ng kaligtasan. Ito ang aktuwal na estado ng mga miyembro ng iglesia sa mga mata ng Diyos. Hindi ba't ito ang pinakabatayang kondisyon? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao, "Hindi mo binanggit ang pagwawaksi sa mga tiwaling disposisyon ni Satanas at ang pagkakamit ng pagdadalisay. Hindi kasama ang mga ito sa depinisyong ito ng isang iglesia." Kasama ba ang mga ito sa depinisyong ito? (Oo.) Sa aling bahagi kasama ang

mga ito? Ang paghahangad para isagawa ang mga salita ng Diyos. Kung kaya mong maghangad para isagawa ang mga salita ng Diyos, hindi ba't unti-unting nalulutas ang iyong mga tiwaling disposisyon? Hindi ba't nagagawa mong iwaksi ang mga tiwaling disposisyon ni Satanas at kamtin ang pagbabago sa disposisyon? (Oo.) Sa panahon ng pagkakamit ng pagbabago sa disposisyon, unti-unti mong nauunawaan ang mga salita ng Diyos at nalulutas ang sarili mong mga tiwaling disposisyon. Habang nalulutas mo ang ilan sa iyong mga tiwaling disposisyon, nadaragdagan ba ang iyong pananalig sa Diyos at pagpapasakop sa Diyos? May koneksiyon ba sa pagitan ng mga ito? (Mayroon.) Habang mas sinasamba mo ang Diyos, mas magkakaroon ka ng pagpapasakop sa Diyos. Habang nadaragdagan ang pagpapasakop mo sa Diyos, hindi ba't nalalapit ka sa pagkamit ng kaligtasan? (Oo.) Kaya, anong uri ng mga tao ang grupong ito? Sila iyong mga kayang magkamit ng kaligtasan. Ito ang aktuwal na sitwasyon ng mga miyembro ng iglesia. Sinasabi ng ilan, "Hindi binanggit ng depinisyong ito ng isang iglesia ang gawaing nilalahukan ng iglesia." May anumang bahagi ba rito na may kaugnayan sa mahalagang gawaing nilalahukan ng iglesia? (Ang paghahangad sa pagkamit ng kaligtasan.) Ang bahaging ito ay malapit na nauugnay. Ang gawaing ginagawa ng isang iglesia, maging ito man ay ang pagpapakalat ng mga salita ng Diyos o pag-akay sa mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, pagtulong sa mga tao na makilala ang sarili nila at iwaksi ang mga tiwaling disposisyon ni Satanas, sa huli, ay naglalayong matulungan ang mga tao na makamit ang kaligtasan. Kaya, matatanggap na ba ninyo ngayon ang pinakapayak at pinakasimpleng konseptong ito ng isang iglesia? (Oo.) Ang depinisyong ito ay hindi eksaherado o hungkag, at hindi ito gumagamit ng magagarbong salita at parirala, kundi kinabibilangan ito ng mga pinakapangunahing pangangailangan para sa pagbuo o depinisyon ng isang iglesia.

Nauunawaan ba ninyo ang pinagmulan ng depinisyon ng konsepto ng isang iglesia, ngayong naipaliwanag Ko na ito sa inyo? (Oo.) Kung hindi Ko ito ipinaliwanag sa ganitong paraan, iisipin ninyo na ang mahalagang gawain ng isang iglesia at ang depinisyon ng isang iglesia ay napakalalim. Ngayong nauunawaan na ninyo ang depinisyon ng isang iglesia, nararamdaman ninyong napakababaw ng inyong pagkaunawa sa isang iglesia. Ginawa nang malinaw ang depinisyon ng isang iglesia—ganoon lang ito kapraktikal. Kapag mas praktikal ang mga bagay, mas madalas na nararamdaman ng mga tao na mababaw ang mga ito. Sa katunayan, kung titingnan mo nang mabuti, ang bawat salita ng depinisyong ito ay nauugnay at malapit na konektado sa mga praktikal at partikular na sitwasyon, at hindi talaga ito mababaw. Ang unang parirala sa depinisyon ng isang iglesia ay "taos-pusong sumusunod sa Diyos." Ang "taos-puso" na ito ay ang gusto ng Diyos. Ilang tao ang nagtataglay ng gayong pagiging taos-puso? Madali ba sa mga tao na magkaroon ng ganitong pagiging taos-puso? Hindi ito madali. Tungkol sa "pinamamahalaan ng Kanyang mga salita," nakamit mo na ba iyon? Iniisip mong mababaw at madaling makamit ang pariralang ito. Kung sinasabi ng Diyos na, "Bumangon ka, sumunod ka sa Akin, at gawin mo ang iyong tungkulin," at sumunod ang mga tao, ibig

sabihin ba nito na pinamamahalaan sila ng mga salita ng Diyos? Ibig sabihin lang nito na ang mga tao ay handang manampalataya sa Diyos at sumunod sa Diyos, subalit hindi pa nila naaabot ang punto kung saan pinamamahalaan sila ng mga salita ng Diyos—malayo pa rin sila rito! Ano ang kailangan mong taglayin para mapamahalaan ka ng mga salita ng Diyos? Ang pinakamababang hinihingi ay na dapat mong maunawaan ang mga salita ng Diyos; kailangan mong malaman kung ano ang tinutukoy ng mga hinihingi sa mga salita ng Diyos, kung anong mga prinsipyo ang hinihingi ng mga salita ng Diyos, at, kapag nahaharap sa iba't ibang tao, pangyayari, at bagay, kung paano ilalapat ang mga salita ng Diyos, at kung paano gagawing pagsasagawa mo ang mga salita ng Diyos para mapalugod ang Diyos. Hindi ito madali. Ang isang mahabang panahon ng pagkain at pag-inom, pagdarasal-pagbabasa, pagdanas, at pag-unawa sa mga salita ng Diyos, at pag-unawa sa mga layunin at disposisyon ng Diyos, ay kinakailangan para unti-unting medyo mapamahalaan ng mga salita ng Diyos. Samakatwid, ang pariralang "pinamamahalaan ng Kanyang mga salita" ay tila simple sa panlabas, na parang karamihan sa mga tao ay pinamamahalaan ng mga salita ng Diyos, subalit sa katunayan ay hindi ito ang kaso. Batay sa aktuwal na sitwasyon ng mga tao, malinaw na ang pariralang ito ay ang hinihingi lang ng Diyos sa mga tao, na hindi pa talaga nila nakakamit. Ang susunod na parirala, "hangarin na maisagawa ang Kanyang mga salita," ay ang hinihingi ng Diyos para sa mga tao. Hindi mo pa nakakamit ang pagsasagawa ng mga salita ng Diyos; naghahangad ka pa lang na isagawa ang mga salita ng Diyos. Paano ka dapat maghangad? Kapag nakatatagpo ka ng mga sitwasyon, magsagawa ka ayon sa mga hinihingi ng Diyos. Huwag kang magsinungaling; maging isang matapat na tao. Magagawa mo ba iyon? Hindi ito madaling gawin. Kapag ikaw ay pinungusan, dapat magawa mong magpasakop at pagnilayan at kilalanin ang iyong sarili, at magsagawa ayon sa katotohanan. Kaya mo ba itong makamit? Kung tila nakapapagod ito o kung masyadong malakas ang sarili mong kalooban, at palagi mong gustong sumambulat ang iyong pagkamainitin ng ulo, kailangan mong hangaring pangasiwaan ang mga usapin ayon sa mga prinsipyo, at huwag ilantad ang iyong pagkamainitin ng ulo o kumilos nang ayon sa sariling kagustuhan at nang walang batayan; dapat mong gawin ang sinasabi ng mga salita ng Diyos, tanggapin ang pagpupungos, kilalanin ang iyong mga pagsalangsang, at unawain kung saan ka nagkamali. Ito ang tinatawag na paghahangad na isagawa ang mga salita ng Diyos. Kapag nagsimula na ang isang tao na isagawa ang mga salita ng Diyos, ibig sabihin ba ay nagbago na siya? Hindi ito ganoon kasimple. Kung pinili ka bilang isang lider o manggagawa, mapipigilan mo ba ang iyong sarili na kumilos nang ayon sa sariling kagustuhan at nang walang batayan? Hindi ito madali; hinihingi nito sa iyong maunawaan mo ang katotohanan, makapagsagawa ng mga salita ng Diyos, at makaranas sa isang yugto ng panahon; saka mo lang ito makakamit. Kung sasabihin mong gusto mong isagawa ang mga salita ng Diyos subalit mayroon ka lang nitong kahandaan sa salita at walang motibasyon sa iyong puso, hindi iyon sapat. Kapag handa ang iyong puso, at gusto mo talagang isagawa ang katotohanan, maaari mong

maisagawa ang katotohanan. Kapag ayaw mong isagawa ang katotohanan sa iyong puso, kahit na gumawa ka ng panunumpa o kahit na suportahan ka ng iba, wala itong silbi. Dapat mayroon kang determinasyon, ibig sabihin, dapat mayroon kang pusong may napakalaking pagnanais para sa Diyos. Kailangan mong malaman kung paano binibigyang-depinisyon ng Diyos ang isang usapin at kung ano ang hinihingi Niya kaugnay rito, hanapin at kolektahin ang lahat ng salita ng Diyos na nauugnay sa aspektong ito, at pagkatapos ay magdasal-magbasa at unawain ang mga ito. Isulat mo ang mga ito sa isang kuwaderno o ilagay ang mga ito kung saan madali mong makikita ang mga ito. Tuwing may libreng oras ka sa trabaho, tingnan mo ang mga ito, basahin mo ang mga ito, at sa paglipas ng panahon, makakabisado mo ang mga salitang ito ng Diyos at maiingatan mo ang mga ito sa iyong puso. Araw-araw, pagbulayan mo ang tunay na kahulugan ng mga salita ng Diyos at pagnilayan kung ano nga bang paraan ng pagsasalita at pagkilos ang maituturing na pagsasagawa ng mga salita ng Diyos. Ito ang tinatawag na paghahangad na isagawa ang mga salita ng Diyos. Madali bang makamit ito? Hindi ito madali; hindi ito isang bagay na maisasakatuparan sa magdamagan o sa isang bugso ng pagsisikap. Sinasabi ng ilang tao, “Nanunumpa ako gamit ang dugo,” subalit wala itong silbi. Sinasabi mong, “Mag-aayuno ako at mananalangin nang hindi kumakain o umiinom,” subalit wala itong silbi. Sinasabi mong, “Buong gabi akong hindi matutulog at magdurusa,” subalit wala rin itong silbi. Dapat mong hangarin ang katotohanan; dapat mong taglayin ang mga pagpapamalas ng paghahangad sa katotohanan, at dapat magkaroon ka ng landas para sa paghahangad sa katotohanan; dapat magkaroon ka ng mga tamang pamamaraan at diskarte. Anumang uri ng mga pamamaraan o diskarte ang mayroon ka, hindi ka maaaring lumihis sa mga salita ng Diyos; dapat mong pagsikapan ang mga salita ng Diyos, ikumpara ang lahat sa mga salita ng Diyos, gamitin ang mga salita ng Diyos para lutasin ang mga problema sa bawat sitwasyon, at gawing pangunahing priyoridad mo ang mga salita ng Diyos. Ito ang tinatawag na paghahangad sa katotohanan. Halimbawa, sa pakikisalamuha sa iba, kailangan mong tingnan kung ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos tungkol dito at hanapin ang mga salita ng Diyos na may kaugnayan sa pakikisalamuha sa iba. Para sa maayos na pakikipagtulungan, hanapin din ang mga salita ng Diyos kaugnay sa aspektong ito. Tungkol sa tapat na pagganap ng isang tungkulin, hanapin mo ang mga salita ng Diyos tungkol sa kung paano gampanan ang mga tungkulin sa paraang pasok sa pamantayan at isaulo ang mahahalagang salita ng Diyos, iniingatan ang mga ito sa iyong puso. Tungkol naman sa kung ano ang isang huwad na lider, ano ang mga pagpapamalas na mayroon ang mga huwad na lider, kung may konsensiya at katwiran man sila, at kung paano inilalarawan ng Diyos ang mga huwad na lider, hanapin ang mga pangunahing salita ng Diyos na ito at isulat ang mga ito sa isang kuwaderno, ilagay ang mga ito sa kung saan madali mong makikita ang mga ito, at magdasal-magbasa ng mga ito tuwing may oras ka. Para sa bawat usaping nauugnay sa iyong buhay pagpasok at disposisyonal na pagbabago, magsagawa at magsikap sa ganitong paraan. Ito ang

tinatawag na paghahangad sa katotohanan. Kung hindi umaabot sa ganitong antas ang iyong pagsisikap, hindi ito tinatawag na paghahangad sa katotohanan; tinatawag itong pagpapabasta-basta, mababaw na pagharap, at pagraos lang ng iyong mga araw.

Tingnan natin ang “pagsamba sa Diyos.” Ang pagsamba sa Diyos ay kinabibilangan ng tunay na pangamba, pagkatakot, paggalang, at pagiging taos-puso, pati na rin ng pagturing sa Diyos bilang Diyos, pagkakaroon ng puwang para sa Diyos sa puso ng isang tao, makatwirang pagharap sa mga kapaligirang inihanda ng Diyos at sa mga atas na ibinigay ng Diyos, at seryoso at responsableng tinatrato ang bawat salitang sinabi ng Diyos, atbp. Ang lahat ng pagpapamalas na ito ay tinatawag na pagsamba. Ito man ay mga salitang sinabi sa iyo nang harapan ng Diyos o lahat ng salitang Kanyang ipinahayag, hangga’t alam at naaalala mo ang mga ito, at hangga’t nauunawaan at pinagtitibay mo ang mga ito sa iyong puso, dapat mong tratuhin ang mga ito bilang ang pamantayan mo sa pag-asal, pamumuhay, atbp.—ito ang pagpapamalas ng pagsamba sa Diyos. Kapag nahaharap sa mga usapin, umaayon man ang mga ito sa iyong sariling mga panlasa, pagnanais, o kuru-kuro, dapat magawa mong mapatahimik ang iyong puso at isaalang-alang, “Ginawa ba ito ng Diyos? Nagmula ba ito sa Diyos? Bakit ginawa ito ng Diyos? Ano ang gustong pinuhin sa akin ng Diyos, ano ang gusto Niyang baguhin sa akin? Ano ang mismong layunin ng Diyos? Paano ako dapat magpasakop sa mga pagsasaayos ng Diyos? Paano ko dapat tugunan ang layunin ng Diyos? Paano ko dapat gampanan ang aking responsabilidad bilang isang tao?” Ang lahat ng pagpapamalas na ito, kasama ang iba pang mga katulad nito, ay mga pagpapamalas ng pagsamba sa Diyos. Kahit na hindi mo nauunawaan ang mas maraming katotohanan, bilang isang normal na tao, bilang isang taong naniniwala sa pag-iral ng Diyos, bilang isang taong taos-pusong sumusunod sa Diyos, ito ang saloobing kahit papaano ay dapat mong taglayin para sa Diyos. Ang lahat ng may kinalaman sa Diyos, ang lahat ng nauukol sa mga salita ng Diyos, ang lahat ng tungkol sa atas ng Diyos sa iyo, sa iyong tungkulin, at sa iyong responsabilidad, dapat mong tratuhin ang lahat ng ito nang may pangangalaga at pag-iingat, hindi nang walang ingat, hindi nang pabaya, hindi nang may pang-aalipusta—ito ang tinatawag na pagsamba sa Diyos. Ang mangasiwa sa lahat ng bagay na may kinalaman sa Diyos nang may maingat, maasikaso, may-takot-sa-Diyos, at may pangamba-sa-Diyos na puso—ito ang tinatawag na pagsamba sa Diyos. Madali ba itong makamit? Hindi ito madali. Kung walang tunay na karanasan, kahit ang pag-unawa sa tatlong salitang “pagsamba sa Diyos” ay mahirap, lalo na ang aktuwal na pagsasagawa ng pagsamba sa Diyos. Ang huling parirala ng depinisyon ng isang iglesia ay “magtatamo ng Kanyang pagliligtas.” Paano ito dapat maunawaan? Mahaba ang landas sa pagkakamit ng kaligtasan, at mas marami pa ang hinihingi rito. Una, dapat tama ang landas na tinatahak mo; dapat magawa mong tanggapin ang lahat ng katotohanan sa mga salita ng Diyos, at maging isang tao ka na naghahangad na isagawa ang mga salita ng Diyos at nagpapasakop sa Diyos. Dapat mapamahalaan ang iyong buhay ng mga salita ng Diyos. Hindi mo lang dapat kilalanin ang pag-iral ng Diyos kundi dapat mo ring mahalin ang katotohanan

at kumilos ka ayon sa katotohanan; dapat mayroon kang tunay na pagkatakot at pagpapasakop sa Diyos, madalas na manalangin sa Diyos sa iyong puso, at unti-unting magbago tungo sa pagsamba sa Diyos. Sa gayon ikaw ay isang tao na nagmamahal sa katotohanan at nagpapasakop sa Diyos; ikaw mismo ang uri ng tao na gustong iligtas ng Diyos. Ang isang taong taos-pusong nananampalataya sa Diyos ay dapat na isang tamang tao. Ano ang benepisyo ng pagiging isang tamang tao? Ang benepisyo ay na ang pagkakamit ng kaligtasan ay hindi magiging masyadong mahirap para sa iyo; magkakaroon ka ng pag-asang makamit ito. Ito na ang lahat ng pagbabahaginan na isinagawa natin sa mga partikular na detalye ng depinisyon ng isang iglesia.

IV. Ang mga Kuru-kuro at Pananaw na Kinikimkim ng mga Tao Tungkol sa Iglesia

Ngayon lang, nagbahaginan tayo tungkol sa kung ano ang isang iglesia, ang mahalagang gawaing ginagawa ng isang iglesia, at kung ano ang iniisip ng mga tao tungkol sa isang iglesia at ang hinihingi nila mula rito sa kanilang mga kuru-kuro. Sa wakas, nagbigay tayo ng depinisyon para sa konsepto ng isang iglesia. Ngayong nabigyang-depinisyon na ito, mayroon ka na dapat ngayong tumpak na pagkaunawa sa katawagang “iglesia”; mayroon ka na dapat batayang pagkaunawa sa gawain na dapat gawin ng isang iglesia, sa papel na ginagampanan ng iglesia sa pagtulong sa mga tao na makamit ang katotohanan at matamo ang kaligtasan, at sa kabuluhan ng isang iglesia para sa lahat ng sumusunod sa Diyos. Daglian din tayong nagsagawa ng representatibong paghihimay at paglalantad sa kung ano ang pinaniniwalaan ng mga tao tungkol sa kahalagahan ng pag-iral ng isang iglesia at sa gawaing dapat gawin ng isang iglesia sa kanilang mga kuru-kuro. Mayroon bang anumang hindi ninyo makilatis o maarok tungkol sa mga pagkaunawa at interpretasyong mayroon ang mga tao sa kanilang mga kuru-kuro kaugnay sa mga iglesia? Iniisip ng ilang tao na dapat na makilahok ang isang iglesia sa ilang uri ng gawain sa lipunan o magkaroon ng ilang uri ng papel sa lipunan, tulad ng pagtataguyod sa katarungan. Sa mga kuru-kuro ng mga tao, kinakatawan ng iglesia ang isang positibong imahe, kaya bakit hindi nito maitaguyod ang katarungan? May anumang kinalaman ba sa gawain ng isang iglesia o sa mga hinihingi ng Diyos ang pagtataguyod sa katarungan? (Wala.) Ano ang tinutukoy nitong “pagtataguyod sa katarungan” na sinasabi ng mga tao? (Ang tinatawag ng mga tao na pagtataguyod sa katarungan ay hindi tunay na katarungan. Ito ay pangangalaga lang sa mga interes ng laman at hindi ito naaayon sa katotohanan.) May anumang kaugnayan ba ang katarungang ito sa katotohanan? (Wala.) Ito ang tinatawag ng sangkatauhan na katarungan. Halimbawa, ang pagsupil sa ilang masamang puwersa, ang pagtutuwid sa ilang kawalang-katarungan at mga pagkakataong ginawan ng masama at ipinahiya ang mga tao, o ang pagbibigay ng nararapat na parusa sa masasamang tao, at pagpapanumbalik at pangangalaga sa mga interes ng mahihinang grupo, at iba pa—ang mga ito ang tinatawag ng mga tao na pagtataguyod sa katarungan. Ano ang

pangunahing pakay ng pagtataguyod na ito sa katarungan? May anumang kaugnayan ba ito sa paghahangad ng mga tao sa katotohanan? May anumang kaugnayan ba ito sa pagkakaligtas ng mga tao? (Wala.) Ito ay isang kasabihan lang na lumilitaw batay sa moral na katarungan at etika; ganap na wala itong kinalaman sa katotohanan. Masasabi ba nating hindi ito umaabot sa antas ng katotohanan? (Oo.) Masasabi ba natin? (Hindi; walang kaugnayan ang dalawa.) Tama, ganap na walang kaugnayan ang mga ito; dalawang magkaibang bagay ang mga ito. Anong uri ng katarungan ang itinataguyod ng sangkatauhan? Ito ay ang uri kung saan, matapos na ang isang karaniwang tao na medyo may mas mababang katayuang panlipunan ay inapi o pinagkaitan ng anumang mga karapatan o interes ng masasamang tao, naparurusahan ang masasamang tao tulad nang nararapat, at ang karaniwan o ordinaryong tao ay hindi na nagdurusa ng pang-aabuso. Tungkol ito sa pagpapanumbalik at paggarantiya sa mga interes ng mga tao sa laman, sa pagkamit ng relatibong pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga tao, sa pagtatanggal ng mga agwat sa mga antas sa lipunan, at sa pagtitiyak na hindi nagtatagumpay ang masasamang tao sa kanilang masasamang gawa, at na ang mga hinaing ng mga taong ginawan ng masama ay maitutuwid. Ito ang tinatawag ng sangkatauhan na pagtataguyod sa katarungan, at ganap na wala itong kinalaman sa katotohanan. Paano pa rin ninyo nasasabi na hindi ito umaabot sa antas ng katotohanan? May kaugnayan ba ito sa katotohanan? Wala, wala itong kaugnayan. Sabihin mo sa Akin, tiyak bang ang mga ordinaryo at karaniwang tao na iyon na nagdusa ng pang-aabuso ay mababuting tao? (Hindi.) Ang pigilan silang magdusa ng mga pang-aabuso—iyon ba ay katarungan? Naaayon ba iyon sa katotohanan? Maliligtas ba kung gayon ang mga taong iyon? Malinaw na ang mga ito ay dalawang magkaibang usapin—paano mapagsasama ang mga ito? Walang kuwestiyon sa pag-abot nito sa antas ng katotohanan; talagang hindi ito kapareho ng katotohanan. Kung mayroon kayong mga pagtutol tungkol sa isyung ito, marahil ay hindi makilatis ng karamihan sa inyo ang usapin ng pagtataguyod sa katarungan at medyo nakakapit pa rin kayo rito, iniisip na, “Paanong mali ito? Paanong hindi ito ang gawaing dapat gawin ng isang iglesia?” Sa katunayan, wala itong kinalaman sa gawain ng isang iglesia. May ilang tao rin na nag-iisip na ang isang iglesia ay dapat na maging isang lugar kung saan pinarurusahan ang kasamaan at isinusulong ang kabutihan, na dapat gampanan nito ang serbisyong ito, pinarurusahan ang masasamang gawa at ang masasama, at madidilim na puwersa, habang isinusulong ang mababuti at matutuwid na bagay. Ito ba ang kaso? Maaari bang umabot sa antas ng katotohanan ang pagpaparusa sa kasamaan at pagsusulong sa kabutihan? Pagdating sa kung ano ang masama at kung ano ang mabuti, hindi kayang malinaw na mapagbukod ng mga tao ang mga bagay na ito. Ano ang ibig sabihin ng mga tao sa pagpaparusa sa kasamaan at pagsusulong sa kabutihan? May kaugnayan ba ito sa pagpaparusa sa kasamaan, pagbibigay-gantimpala sa kabutihan, at pagbubukod-bukod ng lahat ayon sa sariling uri ng mga ito na sinasabi ng Diyos? (Wala.) Wala itong kaugnayan. Ano ang pamantayan ng sangkatauhan sa pagbibigay-depinisyon sa masama at mabuti? Ayon

sa depinisyon ng mga Tsino, ano ang masama at ano ang mabuti? Ano ang batayan ng kanilang depinisyon ng masama at mabuti? Ito ay kulturang Budista. Binabanggit ng Budismo ang mga konsepto tulad ng pagtulong sa mundo at pagliligtas sa mga tao, pag-iwas sa pagpatay, at iba pa—itinuturing ang mga ito na mabuti, habang ang pagkain ng manok, isda, baka, o tupa ay itinuturing na masama at ang mga taong gumagawa nito ay dapat parusahan. Walang karne na dapat kainin, at walang mga nabubuhay na nilalang ang dapat patayin. Ang pagpatay ay itinuturing na kasamaan, at iyong mga pumapatay ay dapat mangumpisal at humingi ng tawad sa harap ni Buddha. Ito ang Budistang depinisyon ng kasamaan; pareho ba ito sa kasamaang binabanggit ng Diyos? (Hindi.) Dalawang magkaibang bagay ang mga ito, kaya ang depinisyon na iyon ng kasamaan ay ganap na walang kinalaman sa katotohanan at tiyak na hindi ito makaaabot sa antas ng katotohanan. Kaya, ano ang ibig sabihin ng mabuti sa Budismo? Mas kakatwa, mababaw, at mapagpaimbabaw pa nga ito. Naniniwala ang mga Budista na ang hindi pagpatay sa anumang mga nabubuhay na nilalang ay mabuti at ang pagpapalaya sa mga nakakulong na hayop ay mabuti. Gaano man karaming tao ang pinatay ng isang masamang tao o gaano man karaming kasalanan ang ginawa niya, kung titigil siya sa pagpatay, maaari siyang maging isang Buddha kaagad—itinuturing ito na mabuti. Mayroon ding kasabihang, “Ang pagliligtas ng isang buhay ay higit pa sa pagbuo ng isang pitong-palapag na pagoda,” na ang ibig sabihin ay ang pikit-matang pagliligtas sa mga tao nang walang kondisyon at walang mga prinsipyo—maging ang pagliligtas sa mga demonyo, masasamang tao, mga sanggano, mga maton, at sino pa man—ay itinuturing na mabuti. Anong uri ng kabutihan ito? Ang gayong mga tao ay mga hangal, walang anumang pagkilatis, paninindigan, o mga prinsipyo. Ang pagliligtas sa sinuman at pagpapatawad sa sinuman—maituturing ba iyong mabuti? Ni hindi ito karapat-dapat sa salitang iyon; isa itong pagpapanggap ni Satanas at ng mga diyablo. Hindi sila pumapatay ng mga hayop subalit nilamon na nila ang di-mabilang na kaluluwa. Ito ang kanilang tinatawag na kabutihan, na sa katunayan ay isang pagpapanggap lang. Kaya, makatwiran ba ang kuru-kuro ng tao na dapat gampanan ng iglesia ang papel ng pagpaparusa sa kasamaan at pagsusulong sa kabutihan? (Hindi.) Anuman ang kultural na konteksto ng anumang lahi o relihiyon, ang pagpaparusa sa kasamaan at pagsusulong sa kabutihan ay walang kinalaman sa gawain ng isang iglesia o sa patotoo ng isang iglesia. Huwag isipin na dahil ang mga terminong ito ay tila makatarungan at kapuri-puri, dapat konektado ang mga ito sa gawain ng isang iglesia o na ito ang papel na dapat gampanan ng isang iglesia sa lipunan. Ito ay isang kuru-kuro at imahinasyon ng tao. Bukod sa “pagtataguyod sa katarungan” at “pagpaparusa sa kasamaan at pagsusulong sa kabutihan,” ang iba pang magagandang termino ayon sa mga kuru-kuro ng tao tulad ng “pakikipaglaban para sa mga karapatan at interes ng mga tao” at “pag-ibsan ng mga alalahanin at paglutas ng mga paghihirap” ay wala ring koneksiyon sa gawain ng isang iglesia o sa patotoo ng isang iglesia. Dapat maunawaan ninyong lahat ito. Ang depinisyon ng isang iglesia, ang gawaing dapat

gawin ng isang iglesia, at ang kahalagahan at kabuluhan ng pag-iral ng isang iglesia ay halos napagbahaginan na nang malinaw.

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

Balikan natin ang ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo." Tingnan natin kung ang gawaing ito na dapat gawin ng mga lider at manggagawa ay may kaugnayan sa bawat detalye tungkol sa mga iglesia na kababahagi Ko lang. Bakit kailangan nating pagbahaginan ang mga partikular na detalyeng ito? Ano ang ugnayan sa pagitan ng mga detalyeng ito at sa gawaing ito na dapat gawin ng mga lider at manggagawa? (Ang masasamang tao at mga anticristo na ito ay hindi mga miyembro ng iglesia at kailangan silang alisin. Bukod pa rito, ang kanilang pag-iral ay nakasasagabal at nakagugulo sa gawaing isinasagawa ng mga iglesia.) Kaya, may koneksiyon; ang pagbabahaginang ito ay hindi walang kabuluhan. Matapos maunawaan ang bawat detalye tungkol sa katawagan o depinisyon ng isang iglesia, siyasatin natin kung paano dapat tratuhin ng mga lider at manggagawa ang mga miyembro ng iglesia, kung paano nila dapat tratuhin ang iba't ibang tao na kinakailangang paalisin o patalsikin mula sa iglesia, kung paano nila maayos na magagawa ang gawaing ito, at kung paano nila dapat gampanan ang kanilang responsabilidad at panatilihin ang gawain ng iglesia. Una, dapat maunawaan ng mga lider at manggagawa kung ano ang depinisyon ng isang iglesia, bakit kailangang umiral ang isang iglesia, at anong gawain ang dapat na ginagawa ng isang iglesia. Pagkatapos maunawaan ang mga bagay na ito, dapat nilang tingnan kung sinong mga kasalukuyang miyembro ng iglesia ang hindi gumaganap ng positibong papel pagdating sa kahalagahan ng pag-iral ng iglesia o sa gawaing ginagawa ng iglesia, o kung sino ang maaaring magdulot ng mga pagkagambala, kaguluhan at negatibong epekto sa mahalagang gawain ng iglesia, o seryosong makaaapekto pa nga sa reputasyon ng iglesia at magdadala ng kahihiyan sa pangalan ng Diyos. Ang malinaw na pagkilatis at agarang pagpapaalis o pagpapatalsik sa mga tao na ito—hindi ba't ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Kaya, ano ang sangkot sa maayos na paggawa ng gawaing ito? Para mapaalis o mapatalsik ang lahat ng uri ng masamang tao at madalisay ang iglesia, at para mabigyang-daan na maipamalas ang kahalagahan ng pag-iral ng iglesia at matupad ng iglesia ang papel na dapat nitong gampanan, at kasabay nito ay hayaan ang gawain ng iglesia na umusad nang maayos, dapat munang tukuyin ng mga lider at manggagawa kung aling mga tao sa iglesia ang masasamang tao at mga anticristo. Ito ang impormasyon o aktuwal na sitwasyong kailangan munang maarok ng mga lider at manggagawa kapag isinasagawa ang gawaing ito. Ang unang usaping kinahaharap ng mga lider at manggagawa sa gawaing ito ay ang pagkilatis sa iba't ibang uri ng tao. Ano ang layon ng pagkilatis sa iba't ibang uri ng tao? Ito ay para ibukod-bukod sila ayon sa kanilang uri at protektahan ang mga tunay na

miyembro ng iglesia. Gayumpaman, ang pagprotekta lang sa mga taong ito ay hindi nangangahulugan na matagumpay na naisasagawa ang gawaing nakabalangkas sa ikalabing-apat na responsabilidad. Ano, kung gayon, ang pinakamahalagang aspekto ng matagumpay na pagsasagawa ng gawaing ito? Ito ay ang pagpapaalis o pagpapatalsik sa lahat ng uri ng hindi mananampalataya at masasamang tao na hindi kabilang sa iglesia. Inilalarawan man ang mga taong ito bilang masasamang tao o mga anticristo, kung natutugunan nila ang mga kondisyon para sa pagpapaalis o pagpapatalsik, ang pangangailangan para sa gawaing ito ay lumilitaw, at oras na para sa mga lider at manggagawa na tuparin ang kanilang responsabilidad. Magbahaginan muna tayo tungkol sa kung paano kilatisin ang iba't ibang uri ng tao.

I. Batay sa Layon ng Isang Tao sa Pananampalataya sa Diyos

Paano natin dapat kilatisin ang iba't ibang uri ng tao? Ang unang pamantayan ay ang kilatisin sila ayon sa kanilang layon sa pananampalataya sa Diyos. Ang ikalawa ay ayon sa kanilang pagkatao. At ang ikatlo ay ayon sa saloobin nila sa kanilang tungkulin. Kung gagamit tayo ng ilang simple at maikling pamagat ng seksiyon, ang mga ito ay: una, ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos; ikalawa, ang pagkatao nila; at ikatlo, ang saloobin nila sa kanilang tungkulin. Ngayong mayroon na tayo nitong tatlong pamagat ng seksiyon, ano ang inyong mga pagkaunawa sa bawat isa sa mga ito? Hindi pa natin gaanong natalakay ang tungkol sa layon ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos dati. Mas marami tayong tinalakay tungkol sa pagkatao ng mga tao at sa saloobin nila sa tungkulin, kaya mas pamilyar kayo sa mga bagay na ito. Ang layon ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos ay pamilyar sa inyo dahil kayo mismo ay nanampalataya sa Diyos nang may layon. Ang ilang tao ay nananampalataya sa Diyos dahil ayaw nilang mapunta sa impiyerno, ang ilan ay dahil gusto nilang makapasok sa langit, ang ilan ay dahil ayaw nilang mamatay, ang ilan ay para makaiwas sa mga sakuna, ang ilan ay dahil lang gusto nilang maging mabubuting tao, ang ilan ay dahil gusto nilang makaiwas sa pang-aabuso, at iba pa. Hindi dapat na hindi pamilyar sa inyo ang paksang ito; kaya lang, ang mga detalyeng tatalakayin Ko ay maaaring medyo hindi pamilyar sa inyo—maaari kayong makaramdam ng kawalang-katiyakan tungkol sa mga ito, hindi ninyo alam kung ano ang sasabihin Ko tungkol sa mga ito o kung saan Ako magsisimula. Kaya, pag-usapan natin ito nang sandali. Sabihin ninyo sa Akin, ang mga taong nagkikimkim ng aling mga uri ng mga intensyon at layon sa pananampalataya sa Diyos ang mga dapat paalisin o patalsikin? (Iyong mga naghahangad lang ng kasikatan at katayuan at gusto lang humawak ng kapangyarihan, at na walang kahihiyang guguluhin ang iglesia para sa kapakanan ng kanilang katayuan.) Ito ay isang uri ng tao. May mga iba pa ba? (Iyong mga hindi mananampalataya na naghahangad ng mga pagpapala at na makinabang hangga't nais.) Ang mga hindi mananampalataya, ito ay isa pang uri. May iba pa ba? Maaaring iniisip ninyo ang mga pagpapamalas ng ilang tao, subalit hindi ninyo malinaw na makilatis kung ang mga taong ito ay nagbubunyag lang ng mga tiwaling disposisyon

o kung talagang mga tao sila na may mga hindi dalisay na layon sa pananampalataya sa Diyos na dapat paalisin o patalsikin. Hindi ninyo ito matukoy at pakiramdam ninyo ay medyo hindi ito malinaw, kaya't hindi ninyo ito maipahayag. Ang paksa ng layon ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos ay napakalawak. Ang lahat ay may mga intensyon at layon sa pananampalataya sa Diyos. Gayumpaman, ang mga uri ng tao na may mga hindi dalisay na layon sa pananampalataya sa Diyos na pinag-uusapan natin dito ay hindi nakatutugon sa mga kondisyon para sa pagliligtas ng Diyos. Hindi nila kayang makamit ang kaligtasan at hindi man lang nila kayang maabot ang pinakamababang pamantayan para maging isang trabahador. Anuman ang layon ng mga taong ito sa pananampalataya sa Diyos, ano't anuman, kapag nabigyan ng pagkakataon, ang mga taong ito na nanampalataya sa Diyos nang may layon, ay susubukang makamit ang kanilang mga layon, at kung wala silang pagkakataon, gagawa sila ng kasamaan at magdudulot ng mga kaguluhan. Magdadala ito ng hindi maisip na mga kahihinatnan sa gawain ng iglesia o sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at ang mga taong ito ay ang dapat na maging mga puntirya para sa pagpapaalis o pagpapatalsik. Isantabi muna natin sa ngayon ang pagkatao ng mga taong ito o kung anong mga saloobin ang kinikimkim nila sa kanilang mga tungkulin, kung pag-uusapan lang ang tungkol sa layon nila sa pananampalataya sa Diyos, tiyak na hindi ito para tanggapin ang katotohanan at kamtin ang kaligtasan, lalong hindi ito para magpasakop at sumamba sa Diyos. Samakatwid, ang pananampalataya nila sa Diyos ay natural na hindi magreresulta sa kaligtasan. Sa halip na hayaan ang mga taong ito na manatili sa iglesia at patuloy na guluhin ang hinirang na mga tao ng Diyos—ang mga tunay na kapatid—mas mabuti pang tumpak na kilatisin at ilarawan sila sa lalong madaling panahon, at pagkatapos ay agaran na paalisin sila mula sa iglesia. Hindi sila dapat tratuhin na parang mga miyembro ng iglesia o mga kapatid. Kaya, sino ang mga ganitong uri ng tao? Ngayon lang, nagsalita kayo sa isang malawak na paraan tungkol sa ilang konsepto. Magbibigay Ako ng ilang kongkretong halimbawa, at mauunawaan ninyo kapag narinig ninyo ang mga ito.

A. Para Tugunan ang Pagnanais ng Isang Tao na Maging Isang Opisyal

Una, pag-usapan natin ang tungkol sa unang uri ng tao na dapat paalisin o patalsikin mula sa iglesia. May ilang tao na palaging gustong maging mga opisyal sa lipunan at magdala ng kaluwalhatian sa kanilang mga ninuno, subalit hindi matagumpay ang landas ng kanilang karera. Gayumpaman, ang pagnanais nilang maging mga opisyal ay hinding-hindi nababawasan. Subalit hindi mataas ang katayuang panlipunan ng pamilya nila, kaya't pakiramdam nila ay walang pag-asa ang buhay at nakikita nila ang mundo bilang masyadong hindi patas, hindi man lang magawang makamit ang maliit na pagnanais na ito. Pakiramdam nila ay mayroon silang kaunting kaalaman at kahusayan, subalit walang nagpapahalaga sa kanila. Wala silang mahanap na tagasuporta, at tila napakalayo sa kanila ng pagkakataong maging isang opisyal. Sa ganito kadesperadong sitwasyon, natagpuan nila ang iglesia. Pakiramdam nila na kung magiging lider sila ng

iglesia, parang magiging opisyal na rin sila, at ang pagnanais nila ay matutugunan. Kaya, pumupunta sila sa sambahayan ng Diyos, naghahangad na magkamit ng kadakilaan. Iniisip nilang tama lang ang kahusayan at mga kapabilidad nila para magamit sa sambahayan ng Diyos, at na ang pag-aasam nilang maging isang opisyal at isang kapita-pitagang indibidwal ay maaaring maisakatuparan, sa gayon ay matutupad ang inaasam nila sa buong buhay nila. Ang pananaw nila sa pananampalataya sa Diyos ay maibubuod sa gayong mga kasabihan tulad ng “Ang mabuting gawa ay nararapat gantimpalaan,” “Sa kalaunan, ang tunay na ginto ay nakatadhanang kuminang,” at “Ang matalinong ibon ay maingat na pumipili ng dapuan nito”—sa ganitong uri ng kaligiran nila piniling tahakin ang landas ng pananampalataya sa Diyos. Batay sa diwa ng taong ito, malinaw na hindi sila naniniwala sa pag-iral ng katotohanan sa mundo, at lalong hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Tagapagligtas. Sa madaling salita, hindi sila naniniwala sa nag-iisang totoong Diyos at lalong hindi sila nananampalataya sa pag-iral ng Lumikha. Ito man ay ang nakasulat sa Bibliya o ang ipinangangaral sa relihiyosong mundo—na nilikha ng Diyos ang mundo at ang sangkatauhan, na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan at umaakay sa sangkatauhan—ang lahat ng kasabihang ito ay pawang mga talang pangkasaysayan lang sa kanila. Walang nag-iimbestiga sa mga ito, at walang makapagpapatunay sa mga ito; mga alamat at kuwento lang ang mga ito, isang uri ng relihiyosong kultura. Ito ang pinakabatayan nilang pagkaunawa sa pananalig. Nanampalataya sila sa Diyos nang may ganitong pagkaunawa, iniisip na tinatahak nila ang tamang landas, inaabandona ang kadiliman para sa liwanag, na sila ay ang “matalinong ibon” na maingat na pumipili ng dapuan nito. Siyempre, hindi pa rin nila isinuko ang desisyon at pagnanais nilang maging isang opisyal at isang kapita-pitagang indibidwal. Naniniwala sila na sa malawak na mundong ito na may napakaraming tao, walang puwang para sa kanila, at tanging ang sambahayan ng Diyos ang makapagdadala ng pag-asa sa kanila. Ang pamumuhay lang sa iglesia ang makapagbibigay sa kanila ng pagkakataong magamit ang kanilang mga talento at matupad ang kanilang pagnanais na maging isang kapita-pitagang indibidwal. Ito ay dahil, sa pananaw nila sa kasalukuyang sitwasyon, lalong nagiging buktot at madilim ang mundo sa labas—ang iglesia lang ang lupain ng kadalisayan sa mundong ito; ang iglesia ang tanging lugar sa mundo na makapagbibigay sa mga tao ng espirituwal na panustos, at ang iglesia lang ang patuloy na yumayabong. Nanampalataya sila sa Diyos nang may gayong mga kahilingan at pakay. Pagkatapos nilang manalig, wala silang nauunawaang anuman tungkol sa pananampalataya sa Diyos, sa paghahangad sa katotohanan, o tungkol sa mga usaping may kinalaman sa katotohanan, sa disposisyon ng Diyos, at sa gawain ng Diyos. Hindi nila hinahangad o binibigyang-pansin ang mga usaping ito. Sa puso nila, hindi talaga nila pinakawalan ang pagnanais nila para sa katayuan at pagiging opisyal; sa halip, patuloy nilang pinanghahawakan ang mga kuru-kuro at pananaw na ito habang tumatambay sila sa iglesia. Tinitingnan nila ang iglesia bilang isang organisasyong panlipunan, isang relihiyosong komunidad, at nakikita nila ang gawain ng Diyos at mga

salita ng Diyos bilang mga ilusyong nilikha ng mga mananampalataya dahil sa kanilang mga mapamahiing paniniwala. Samakatwid, tuwing pinag-uusapan ang tungkol sa paghahangad sa katotohanan, tuwing pinag-uusapan ang tungkol sa mga salita ng Diyos at gawain ng Diyos, nakararamdam sila ng pagkasuklam at pagkamapanlaban. Kung may sinumang nagsasabi na ang isang bagay ay gawa ng Diyos, kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, o pamamatnugot ng Diyos, nasusuklam sila. Gayumpaman, gaano man sila nasusuklam, at kinikilala o tinatanggap man nila ang katotohanan, ang pagnanais nilang magkamit ng isang posisyon ng katayuan sa iglesia para matugunan ang pananabik nila para sa awtoridad ay hindi kailanman nabawasan o napakawalan. Dahil mayroon silang gayong ambisyon at pagnanais, natural silang nagbubunyag ng iba't ibang pagpapamalas. Halimbawa, inuudyukan nila ang mga tao sa pagsasabi ng mga bagay tulad ng: "Huwag mong ibatay ang lahat sa mga salita ng diyos o ikonekta ang lahat sa mga salita ng diyos at sa diyos. Sa katunayan, marami sa mga ideya at kasabihan ng mga tao ay tama; dapat may sarili nilang mga pananaw at paninindigan ang mga tao." Ikinakalat nila ang mga pahayag na ito para ilihis ang mga tao. Kasabay nito, masigasig din nilang ipinapakita ang kanilang mga talento, kaloob, at ang iba't ibang taktika at mga panlilinlang na kaya nilang gawin sa mundo, sinusubukang makuha ang pansin ng mga tao at makamit ang atensyon at mataas na pagpapahalaga ng mga ito. Ano ang pakay ng kanilang masigasig na pagpapakita? Ito ay para hangaan at tingalain sila ng mga tao; ito ay para magkaroon ng katayuan sa mga tao at sa gayon ay matugunan ang kagustuhan nilang maghangad na maging isang opisyal at magdala ng kaluwalhatian sa mga ninuno nila. Nalulugod sila kapag iginagalang, pinupuri, sinusundan, ineendorso, dinadakila, at tinitingala sila ng mga tao, at maging kapag binobola sila. Higit pa rito, walang kapaguran nilang hinahangad at tinatamasa ang mga bagay na ito. Bagama't patuloy na inilalantad ng sambahayan ng Diyos ang mga anticristo, masasamang tao, at iba't ibang tiwaling disposisyon ng mga tao, sa puso nila ay hinahamak nila ang mga ito bilang hindi karapat-dapat sa kanilang pagkamuhi at partikular na nakararamdam ng matinding pagkasuklam sa mga ito. Nakatutok sila sa paghahangad ng katayuan at na hangaan at tingalain sila ng iba para matupad ang mga kagustuhang hindi nila makamtan sa mundo at sa lipunan. Kaya, ano ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos? Hindi ito para magkamit ng daan-daang pagpapala sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa mundong darating, at tiyak na hindi ito para tanggapin ang katotohanan at maligtas. Ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos ay hindi para kumilos bilang isang nilikha kundi para maging isang opisyal at isang panginoon, at para tamasahin ang mga benepisyo ng katayuan. Tiyak na may gayong mga tao sa iglesia; ang mga ito ang masasamang tao na nakakapasok sa iglesia. Ganap na hindi pinahihintulutan ng iglesia ang gayong mga tao na makihalo sa hinirang na mga tao ng Diyos, kaya't ang mga taong ito ang mga paaalisin. Madali bang makilatis ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos? (Oo.) Kung isasaalang-alang ang mga intensyon at pakay nila sa pananampalataya sa Diyos, pati na ang iba't iba nilang pagpapamalas sa

iglesia, anong uri ng mga tao sila? (Mga hindi mananampalataya.) Oo, sila ay mga hindi mananampalataya. Maliban sa pagiging mga hindi mananampalataya, gusto rin nilang maghangad ng katayuan at kinabukasan sa sambahayan ng Diyos para matugunan ang kanilang pananabik para sa awtoridad. Ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos ay para maging isang opisyal. Kaya, bakit dapat alisin ang mga taong ito? Maaaring may magsabi na, "Kung nagtatrabaho ang mga hindi mananampalataya sa sambahayan ng Diyos, at bilang mga kaibigan ng iglesia ay nakatutulong sila nang kaunti, hindi ba't ayos lang na panatilihin sila?" Makatwiran ba ang pahayag na ito? (Hindi.) Bakit hindi ito makatwiran? (Ang pagnanais nilang maging mga opisyal ay tiyak na hahantong sa paggawa ng mga bagay na makagugulo sa iba, hindi magdadala ng benepisyo sa gawain ng sambahayan ng Diyos, at makaaapekto sa paghahangad ng katotohanan ng mga kapatid.) Paano mo man tingnan ito, nilalabanan ng mga hindi mananampalataya ang katotohanan at tinatanggihan ang Diyos, kaya't hindi sila maaaring panatilihin ng sambahayan ng Diyos. Hindi sila gaganap ng positibong papel. Hindi mahalaga kung hangarin man nilang maging mga opisyal, ang mga pahayag, pagpapamalas, at mga kilos lang nila bilang mga hindi mananampalataya ay makapagdudulot ng mga kaguluhan at hindi magkakaroon ng positibong epekto. May ilang kapatid, na kapag nakararanas ng ilang partikular na kapaligiran, ay nagsasabing, "Ito ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, at dapat tayong magpasakop." Makapagpapasakop ba ang mga hindi mananampalataya? Sapat na mabuti na nga kung hindi sila manggugulo at kokontra. Sa puso nila, sinasabi pa nga nilang, "Huwag mong sabihin na ang lahat ay kataas-taasang kapangyarihan ng diyos. Dapat magkaroon ng sarili nilang opinyon ang mga tao at magkaroon ng kaunting kalayaan; huwag mong iugnay ang lahat sa kataas-taasang kapangyarihan ng diyos!" Hindi lang nila hinihila pababa ang iba, kundi nagsasabi rin sila ng malalabo at mga tila makatwirang panlilinlang para ilihis ang mga tao. Hindi ba't wala itong kahihiyan? Maaaring makapagsagawa sila ng ilang tusong pakana at panloloko sa mga walang pananampalataya, subalit ang sambahayan ng Diyos ay maling lugar para magtangkang magsagawa ng mga pakana at panlolokong ito! May ilang tao na nagpapatakbo ng mga klinika na gustong puntahan ng lahat dahil sinasabi ng mga ito na hindi masakit ang mga pag-iineksiyon doon. Bakit hindi masakit ang mga pag-iineksiyon? Ang dulo ng karayom ay nilublob sa pampamanhid, kaya tiyak na hindi ito masakit. Matalinong hakbang ba ito? (Hindi, ito ay isang mapaminsalang galaw.) Gayumpaman, itinuturing nila ito bilang isang matalinong hakbang at ipinagyayabang ang tungkol dito, iniisip na nagpapakita ito ng kanilang kapabilidad at kasanayan, sinasabing, "Ang ginagawa mo lang ay ang magsalita tungkol sa pagpapasakop sa diyos, pamamatnugot ng diyos, at kataas-taasang kapangyarihan ng diyos. Mayroon ka ba ng mga kasanayang mayroon ako?" Hindi ba't wala itong kahihiyan? (Oo.) Ipinagyayabang pa nila ang gayong mga mapaminsalang panloloko! Ang mga taong nakakapasok sa iglesia na nagkikimkim ng mga motibo ng mga hindi mananampalataya ay ang mga dapat paalisin sa iglesia. Bakit? Ang mga taong ito ay lumalaban sa katotohanan sa

puso nila at tutol sila rito. Anuman ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos, ito man ay isang bagay na kaya nilang hayagang aminin o hindi, batay sa kanilang diwa bilang mga hindi mananampalataya, dapat silang paalisin o patalsikin ng iglesia. Nakakapasok sa iglesia ang mga hindi mananampalatayang ito nang may partikular na pakay, gustong ipakita ang kanilang mga talento, tuparin ang kanilang mga ambisyon, at tugunan ang kanilang mga kagustuhan sa loob ng iglesia. Gusto nilang gamitin ang iglesia bilang isang mahalagang lugar na paraan para makamit ang layon nilang humawak ng kapangyarihan, magpakitang-gilas, at manlihis at magkontrol ng mga tao. Kung isasaalang-alang ang pakay nila sa pananampalataya sa Diyos, may kakayahan silang guluhin at gambalain ang hinirang na mga tao ng Diyos at ang gawain ng iglesia. Samakatwid, dapat paalisin o patalsikin ang mga taong ito mula sa sambahayan ng Diyos. Dapat makilatis ng mga lider at manggagawa ang hindi mananampalatayang diwa ng mga taong ito. Ibatay mo man ito sa mga pagpapamalas ng mga taong ito o sa mga hindi nagbabagong pahayag nila tungkol sa pananampalataya sa Diyos, kapag naarok mo na ang sitwasyon at malinaw mo nang nakilatis na sila ay mga hindi mananampalataya, dapat na mabilis mo silang tanggihan nang walang pag-aalinlangan. Anumang pamamaraan o karunungan ang ginagamit mo, humanap ka ng kahit anong paraan para paalisin sila—ito ang gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa; ito ang gawaing dapat nilang pasanin. Ito ang isang uri ng tao na dapat paalisin o patalsikin.

B. Para Hanapin ang Kasalungat na Kasarian

Kung gayon, ano ang mga pagpapamalas ng pangalawang uri ng mga tao na dapat paalisin o patalsikin? May ilang tao ang hindi kailanman naging kabahagi sa pananampalataya sa Diyos; mayroon lang silang paborableng impresyon dito. Hindi sila interesadong malaman kung ano ang dapat hangarin o kamtin ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos. Narinig nila na ang mga taong nananampalataya sa Diyos ay napakaresponsable at totoo, kaya gusto nilang makahanap ng romantikong kapareha sa iglesia, pagkatapos ay magpakasal at mamuhay nang matiwasay. Ito ang intensyon at pakay nila, kaya nagpupunta sila sa iglesia para mahanap ang kanilang ideyal na kapareha. Ang mga hindi mananampalatayang ito ay walang anumang interes sa pananampalataya sa Diyos; wala talaga silang pakialam sa Lumikha, sa katotohanan, sa pagkakaligtas, sa pagkilala sa Diyos, sa paggampan sa tungkulin, o sa anumang gayong mga usapin. Kahit na kaya nilang umunawa pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos at makinig sa mga sermon, ayaw nilang isapuso ito. Gusto lang nilang makahanap ng ideyal na kapareha at, siyempre, umaasa silang makatagpo ng mas maraming tao at mapalawak ang kanilang koneksiyon. Nananampalataya sila sa Diyos sa pakay na makahanap ng ideyal na kapareha. Maaaring sabihin ng ilang tao na, “Paano Mo nalamang may ganito silang pakay? Wala naman silang sinabi o binanggit sa Iyo!” Ipinakikita nila ito sa kanilang pag-uugali. Tingnan mo kung paanong palagi nilang hinahanap ang kasalungat na kasarian kapag ginagawa nila ang mga tungkulin nila

o nakikipag-ugnayan sa isang tao. Kapag nagustuhan nila ang isang tao, patuloy silang nakikipagbahaginan sa taong iyon at nakikipaglapit dito, palaging nagtatanong tungkol sa impormasyon nito at nakikipagkilala rito. Ang mga di-pangkaraniwang pagkilos at pagpapamalas na ito ay dapat makakuha ng sapat na atensiyon mula sa mga lider at manggagawa, dapat nilang obserbahan kung ano ang mga intensyon ng mga ito at kung ano ang pakay na nilalayon ng mga itong makamit; dapat nilang alamin kung sino ang nangaral ng ebanghelyo sa mga ito, bakit partikular na hinahangad ng mga ito na makipag-ugnayan sa kasalungat na kasarian, bakit palaging may gustong sabihin ang mga ito sa kasalungat na kasarian, at bakit may partikular na pagkagiliw ang mga ito sa kasalungat na kasarian, partikular sa pagpapakita ng espesyal na pagkamausisa at pagmamalasakit sa mga taong gusto ng mga ito. Ang gayong mga indibidwal ay may magandang impresyon sa mga nananampalataya sa Diyos. Kahit na hindi sila masyadong interesado sa mga pagtitipon, sa pakikinig sa mga sermon, sa pakikipagbahaginan sa mga salita ng Diyos, sa pag-awit ng mga himno, sa pakikipagbahaginan ng mga personal na karanasan, at iba pang gayong mga usapin, sa pangkalahatan ay hindi sila nagsasalita ng anumang bagay na nagdudulot ng mga kaguluhan at pagkagambala. Nakatuon lang sila sa paghahanap ng romantikong kapareha na makakasama nilang mamuhay nang matiwasay. Kung makahanap sila ng kapareha, makasusunod sila sa pananampalataya sa Diyos; kahit sila mismo ay hindi naghahangad, masusuportahan nila ang kapareha nila sa pananampalataya sa Diyos. May ilang tao na medyo may katanggap-tanggap na pagkatao, matulungin, at ginagawa ang makakaya nila para maging palakaibigan at mabait. Halimbawa, kaya nilang magparaya sa ibang tao, mag-isip ng lahat ng makakaya nila para matulungan iyong may mga suliranin na malutas ang mga ito, o magbigay ng ilang payo, at iba pa. Medyo mabait sila sa iba at walang masamang hangarin, subalit ang pakay at layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay hindi gaanong marangal. Hindi nila hinahangad ang katotohanan, at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit sino pa ang makipagbahaginan sa kanila nito. Pagkatapos sumunod nang kalahating taon o isa o dalawang taon, wala pa ring nagbabago sa kanila. Bagama't wala silang sinasabi tungkol sa hindi pananampalataya at hindi sila nagdudulot ng anumang kaguluhan o pagkagambala, hindi sila nagkakaroon ng anumang interes sa mga usapin ng pananampalataya sa Diyos. Nararapat bang manatili ang gayong mga tao sa iglesia? (Hindi.) Dapat bang alisin ang gayong mga tao? (Dapat din silang alisin.) Ano ang dahilan? (Dahil hindi sila interesado sa katotohanan, at hindi sila mga target para sa pagliligtas. Kung mananatili sila sa iglesia habang palaging naghahanap ng kapareha, magugulo nito ang iba at maghahatid sa mga ito ng tukso; hindi sila gaganap ng positibong papel.) Ganoon nga iyon. Halimbawa, may ilang tao na partikular na mahilig kumain ng karne. Kapag kumakain sila ng karne, nakakalimutan nila ang kanilang gawain. Kung walang karne, nagagawa pa rin nilang tumugon sa ilang tamang gampanin, subalit kapag may karne, naaantala ang gawain nila. Ano ang karne para sa kanila? (Tukso.) Eksakto, isa itong tukso. Kaya, maaari bang

ituring na pinagmumulan ng tukso iyong mga palaging naghahanap ng kapareha? (Oo.) Pinagmumulan talaga sila ng tukso. Para sa gayong mga tao, dapat itong gawing malinaw sa kanila: “Wala kang pagiging taos-puso sa pananampalataya sa Diyos o sa paggampan sa tungkulin mo. Hindi mo kailanman nagawang maging bahagi ng iglesia at hindi ka kailanman itinuring na isang tunay na mananampalataya. Sa loob ng dalawang taon na ito ng pakikipag-ugnayan, nakita namin ang iyong pakay: Gusto mo lang makahanap ng kapareha sa iglesia. Hindi ba’t pamiminsala ito sa mabubuting tao? Ang mga tao sa iglesia ay hindi angkop para sa iyo. Maraming angkop para sa iyo mula sa mga walang pananampalataya. Humayo ka at humanap ng isang tao mula sa mga walang pananampalataya.” Ang implikasyon ay ang sabihin sa kanilang, “Nakilatis ka na namin. Hindi ka isa sa hinirang na mga tao ng Diyos. Hindi ka isang tao ng sambahayan ng Diyos. Hindi ka maituturing na kapatid namin.” Ang gayong mga tao ay dapat paalisin sa iglesia, ayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos. Sa ganitong paraan, maaalis ang mga taong ito na walang ingat na naghahanap ng kapareha at nang-aakit sa iba. Hindi ba’t madaling makilatis ang gayong mga tao? (Oo.) Mga hindi mananampalataya rin ang mga taong ito. May kaunting pagkagiliw sila para sa iglesia, para sa relihiyosong pananalig, at para sa mga nananampalataya sa Diyos. Gusto lang nilang gamitin ang pagkakataong manampalataya sa Diyos para makahanap ng kapareha mula sa mga mananampalataya para makasama nilang mamuhay at tapat silang paglingkuran. Sabihin mo sa Akin, posible ba ang gayong bagay? Dapat ba natin silang palugurin? Dapat bang isaayos ng iglesia ang gayong mga usapin? (Hindi.) Walang obligasyon ang iglesia na tugunan ang mga personal na kagustuhan nila. Gaano man kabuti ang tingin nila sa mga mananampalataya, na magagawa nilang mamuhay sa tamang paraan kasama ang mga mananampalatayang ito, o na kayang tumahak ng mga mananampalataya sa tamang landas, walang silbi ito—hindi mahalaga ang opinyon nila. Ang gayong mga hindi mananampalataya ay matatagpuan din sa karamihan ng iglesia. Ang paraan ng pagharap sa mga taong ito ay ang paggamit ng pamamaraang pinagbahaginan natin kanina, o maaari kayong gumamit ng mas mahuhusay na pamamaraan kung mayroon kayo ng mga ito, basta’t pinangangasiwaan ang mga ito ayon sa mga prinsipyo. Ang mga hindi mananampalatayang ito ay ikinategorya sa iba’t ibang uri ng masasamang tao—kalabisan ba iyon? (Hindi.) Ganito mismo natin tinatrato ang mga hindi mananampalataya.

C. Para Makaiwas sa mga Sakuna

Ano pang ibang mga uri ng mga tao ang dapat paalisin o patalsikin mula sa iglesia? (Ang isa pang uri ay ang mga nananampalataya sa Diyos para lang makaiwas sa mga sakuna.) Ang pananampalataya sa Diyos para lang makaiwas sa mga sakuna ay isa ring pakay na mayroon ang mga tao sa pananampalataya. Hindi ba’t karamihan ng tao na nananampalataya sa Diyos ay may ganito ring uri ng karumihan? (Oo.) Kaya paano natin dapat na tukuyin kung aling mga tao ang dapat paalisin o patalsikin dahil dito, at

aling mga tao ang nagpapakita lang ng normal na pagbubunyag ng katiwalian at hindi dapat paalisin o patalsikin? Para sa karamihan ng tao, ang pananalig nila ay may halong motibo ng pananampalataya sa Diyos para makaiwas sa mga sakuna—ito ay isang katunayan. Sa mga nananampalataya sa Diyos para makaiwas sa mga sakuna, dapat ninyong tukuyin ang mga hindi mananampalataya na umaangkop sa pamantayan para sa pagpapaalis o pagpapatalsik. Halimbawa, ang gayong mga tao, kapag nakita nilang nagsisimula nang lumala ang mga sakuna, ay nagsisimulang dumalo sa mga pagtitipon nang mas madalas at mabilis na binabawi ang mga aklat ng mga salita ng Diyos na dati nilang ibinalik sa iglesia, sinasabing gusto na nila ngayong seryosong manampalataya sa Diyos. Gayumpaman, kapag lumipas o humupa na ang mga sakuna, bumabalik sila sa pagnenegosyo at pagkita ng pera, hinaharangan ang lahat ng paraan ng pakikipag-ugnayan para hindi sila mahanap o maabot ng mga kapatid para sa mga pagtitipon. Kapag dumarating ang mga sakuna, aktibo nilang hinahanap ang mga kapatid, subalit kapag natapos na ang mga sakuna, nagiging napakahirap para sa mga kapatid na hanapin sila, at napakadalang na may sinumang nagagawang makipag-ugnayan sa kanila. Hindi ba't masyadong halata ang mga pagpapamalas na ito? (Oo.) Kapag walang sakuna, sinasabi nilang, "Kailangan ng mga tao na magkaroon ng normal na buhay. Kailangan nating magpatuloy sa ating mga pang-araw-araw na gawain. Kailangan kong magluto sa bahay araw-araw, at kailangan kong ihatid at sunduin ang mga bata sa paaralan, kaya minsan ay hindi ako nakadadalo sa mga pagtitipon. Bukod pa rito, ang pamumuhay ay nangangailangan ng pera; dapat bayaran ang lahat ng gastusin sa pamumuhay. Hindi tayo makapananatiling buhay nang hindi kumikita ng pera. Sa mundong ito, walang sinuman ang mabubuhay nang walang pera. Ang pananampalataya sa diyos ay kailangang maging praktikal!" Nagsasalita sila nang makatwiran at nagbibigay ng sapat na mga dahilan, lubos na nakatutok sa pagkita ng pera at paggawa ng kanilang mga pang-araw-araw na gawain, paminsan-minsan lang dumadalo sa pagtitipon at bihirang nagbabasa ng mga salita ng Diyos. Ang saloobin nila sa pananampalataya sa Diyos ay maligamgam, hindi malamig ni mainit. Kapag dumarating ang sakuna, sinasabi nilang, "Ay, hindi ko kaya nang wala ang diyos; kailangan ko ang diyos! Kailangan kong manalangin sa diyos at tawagin siya araw-araw! Hindi ako nagtatangkang umiwas sa mga sakuna; ang pangunahing bagay ay na hindi ko kayang mabuhay nang walang diyos sa aking puso. Hungkag pa rin ang pakiramdam ng pamumuhay nang maayos nang walang diyos sa aking puso!" Wala silang masabing kahit isang salita na nagpapakita ng anumang kaalaman tungkol sa Diyos; ang sinasabi lang nila ay mga salitang nagbibigay-katwiran sa kanilang mga pagkilos at pag-uugali. Hindi nila alam kung gaano karaming aklat ang ipinamamahagi ng sambahayan ng Diyos sa lahat; hindi nila alam kung anong paksa ang tinalakay na sa mga sermon; hindi nila alam kung aling mga katotohanan ang kasalukuyang pinagbabahaginan sa buhay iglesia. Dumadalo sila sa isang pagtitipon isang beses kada anim na buwan o isang beses sa isang taon. Kapag dumadalo sila, sinasabi nilang, "Talagang kakila-kilabot ang

mga walang pananampalataya. Hindi patas ang lipunan. Masama ang mundong ito. Napakahirap ang magsumikap na kumita ng pera! Magaan ang pasanin ng Diyos sa mga tao….” Patuloy silang nagsasalita tungkol sa mga walang-kuwentang bagay na ito na walang kinalaman sa mga paksa at nilalaman ng pagbabahaginan sa pagtitipon. Nagsasabi sila ng ilang hungkag na salita sa kanilang panalangin at ilang mababaw na salita tungkol sa pananampalataya sa Diyos at pagkatapos ay itinuturing nila ang kanilang sarili na mga mananampalataya, nakararamdam ng kapanatagan sa kanilang puso at kapayapaan. Pananampalataya ba ito sa Diyos? Anong uri ng mga walang-hiya ang mga taong ito? Kung tatanungin mo sila, “Bakit hindi ka regular na dumadalo sa mga pagtitipon?” sasabihin nilang, “Hindi ito pinahihintulutan ng mga kondisyon ko. Ito ang kapaligiran na inihanda ng diyos para sa akin, at dapat akong magpasakop.” Kaygandang pakinggan ng mga salitang ito! Sinasabi rin nilang, “Tingnan mo, inihanda ng diyos ang kapaligirang ito para sa akin. Umaasa sa akin ang buong pamilya ko para sa pagkain, kaya kailangan kong kumita ng pera para makaraos! Sa ngayon, ang pagkita ng pera ang gampaning ibinigay ng diyos sa akin.” Lubos silang nabibigo na banggitin ang tungkol sa paggawa ng tungkulin nila, pati na rin ang mga responsabilidad at obligasyon nila bilang nilikha, at lalong wala silang binanggit tungkol sa kung paano isagawa ang mga salita ng Diyos; paminsan-minsan lang silang dumadalo sa isang pagtitipon at naghahandog ng kaunting pera, iniisip na nakapag-ambag na sila sa sambahayan ng Diyos. May iba na, kapag nagkakasakit ang mga anak nila, ay nananalangin sa Diyos, at pagkaraan ng ilang araw, kapag gumaling na ang mga anak nila, mabilis silang naghahandog ng kaunting pera sa iglesia at pagkatapos ay nawawalang muli. Sa tuwing nakikipag-ugnayan sila sa mga kapatid, hindi sila kailanman nakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, ni hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos. Kapag walang mga sakuna o kalamidad, hindi sila kailanman nananalangin sa Diyos. Ang mga pang-araw-araw nilang usapan ay palaging tungkol sa mga di-makabuluhang bagay sa tahanan, mga pagtatalo sa tama at mali, buhay sa laman, iba’t ibang panlipunang penomenon, at iba’t ibang bagay na nakikita at naririnig nila; bihira silang nakikipagbahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos at hindi kailanman bumibigkas ng isang taos-pusong salita kaugnay sa pananampalataya sa Diyos. Pinananatili lang nila ang lugar nila sa iglesia para hingin ang pangangalaga at proteksiyon ng Diyos. Sadyang ito ang paraan nila ng pananampalataya sa Diyos; naghahanap lang sila ng kapayapaan at mga pagpapala nang hindi talaga hinahangad ang katotohanan. Wala silang anumang interes sa katotohanan. Gusto lang nilang magkamit ng mga benepisyo, biyaya, at mga pagpapala mula sa pananampalataya sa Diyos. Wala silang pakialam sa susunod na buhay dahil hindi nila ito nakikita at hindi talaga sila naniniwala rito. Gusto lang nilang tamasahin ang biyaya ng Diyos sa buhay na ito at makaiwas sa lahat ng sakuna. Dahil ang Diyos at ang iglesia ang kanilang kanlungan, sa tuwing dumadalo sila sa mga pagtitipon, ito ay tiyak na kapag nakatagpo sila ng mga paghihirap o sakuna. Ang gayong mga tao ba ay mga taos-pusong mananampalataya sa Diyos? (Hindi.) Anong uri sila ng mga tao? (Mga

oportunista at mga hindi mananampalataya.) Ito ang mga hindi mananampalataya na gustong gamitin ang iglesia para makaiwas sa mga sakuna. Dapat bang pahintulutang manatili ang gayong mga tao sa iglesia? (Hindi.) Kapag dumadalo sila sa mga pagtitipon, ginugulo nila ang iba at pinasasama ang loob ng mga ito. Karamihan ng tao ay masyadong magalang at mahihiyang subukang pigilin ang mga ito, kaya hinayaan nila ang mga ito na maglitanya at guluhin ang pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ng lahat. Ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa sa puntong ito? Hindi ba't dapat akuin nila ang responsabilidad sa paghihigpit sa gayong mga tao, sa pagprotekta sa mga interes ng karamihan, at sa pagpapanatili ng normal na buhay iglesia? (Oo.) Maaari mong bawiin ang mga aklat nila ng mga salita ng Diyos at payuhan silang lisanin ang iglesia. May iba't ibang paraan para hikayatin ang isang tao na lisanin ang iglesia—maaari kayong mag-isip ng sarili ninyong paraan. Siguraduhin lang ninyo na hindi na nila makokontak ang mga kapatid. Ipagpalagay na may nagsasabing, "Mabuti ang taong ito. Tinatalakay lang niya ang ilang di-makabuluhang bagay sa tahanan kapag nasa iglesia, subalit hindi niya ginugulo ang gawain ng iglesia o nakaaapekto sa pagganap ng ating tungkulin, kaya dapat tayong maging mapagparaya! Sa pananampalataya sa Diyos, hindi ba't dapat tayong magparaya at magtiiis sa lahat ng uri ng tao? Nais ng Diyos na maligtas ang bawat tao at ayaw Niyang mapahamak ang sinuman!" Kung gayon ay kailangan mong isaalang-alang kung target ba sila para sa pagliligtas. Kung hindi, hindi ba't dapat natin silang kilatisin at paalisin? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao na, "Masyado akong magalang; mahihiya akong subukang hikayatin silang lisanin ang iglesia." Madaling lutasin ang problemang ito. Kung sadya mo silang hindi kokontakin, hindi ka nila magugulo o mapipigilan. Kahit na makasalubong mo sila, hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa kanila. Hindi na kailangang makipag-usap sa kanila tungkol sa mga usapin ng pananampalataya sa Diyos; tratuhin mo lang sila bilang mga walang pananampalataya. Sinasabi ng ilang tao na, "Hindi ba natin sila puwedeng tulungan nang may pagmamahal at makipagbahaginan sa kanila sa katotohanang nauunawaan natin?" Para sa gayong mga hindi mananampalataya, kung tunay kang may pagmamahal, maaari mo itong subukan. Kung talagang mababago mo sila, hindi na sila kailangang paalisin o patalsikin. Sinasabi ng ilang tao na, "Hindi ko sasayangin ang pagsisikap ko. Walang silbi ang pagtulong sa kanila, tulad ng pagpapaligo sa isang baboy; kahit gaano pa kalinis ang pagpapaligo mo rito, hahayo pa rin ito at gugulong sa putik. Ganoon mismo ang uri ng nilalang na ito; hindi ito magbabago!" Kung kaya mo itong unawain, tama ka. Makikipagbahaginan ka pa rin ba sa katotohanan sa gayong mga hindi mananampalataya para tulungan sila? Gagawa pa rin ba kayo ng walang kabuluhang gawaing ito? (Hindi.) Sa puntong ito, napagtanto ninyong naging hangal kayo at hindi ninyo nakilatis ang mga tao. Hindi kayang magbago ng mga hindi mananampalataya. Alam din ng mga taong ito na ang mga nananampalataya sa Diyos ay gumagawa ng mabubuting gawa at umiiwas sa paggawa ng masasamang gawa, na hindi nila inaabuso ang iba o ginagantso ang mga ito. Mayroon silang magandang

impresyon sa mga nananampalataya sa Diyos, kaya't nagbabalatkayo sila sa ilalim ng bandila ng "paniniwala na may Diyos" at "mabuti ang manampalataya sa Diyos" at unti-unti silang sumasalisi sa iglesia, pinaniniwala ang mga tao na sila ay kapatid. May ilang tao na talagang napaniniwala rito, tunay na itinuturing sila bilang kapatid, madalas silang dinadalaw at tinutulungan. Pagkaraan lang ng mahabang panahon nila napagtatanto na: "Pumupunta lang ang taong ito sa iglesia kapag nahaharap siya sa mga sakuna o mga paghihirap, nagsasabi ng mga walang kuwenta at walang katuturang bagay. Kapag maayos ang takbo ng mga bagay at maayos ang lahat para sa kanila, kapag maayos ang buhay nila, hindi nila pinapansin ang lahat. Kung mas maaga sana naming nalaman na tampalasan sila, hindi na sana namin sila tinulungan o hindi na sana kami masyadong nagsikap!" May silbi pa ba ang makaramdam ng pagsisisi ngayon? Huli na para sa pagsisisi—labis ka nang nagsalita nang walang kabuluhan! Sa madaling salita, ang gayong mga hindi mananampalataya ay kailangang makilatis, mapangasiwaan, at mapaalis sa iglesia sa lalong madaling panahon. Huwag mo silang ituring na mga kapatid; hindi sila mga kapatid. Ang mga taong pinili ng Diyos lang ang mga kapatid; tanging iyong mga maaaring maligtas at naghahangad na sumamba sa Diyos ang mga kapatid. Iyong mga tumatambay sa sambahayan ng Diyos para umiwas sa mga sakuna at buong kasakimang tinatamasa ang biyaya ng Diyos nang hindi tinatanggap ang katotohanan ay mga hindi mananampalataya. Hindi sila mga kapatid, at tiyak na hindi sila hinirang na mga tao ng Diyos. Nauunawaan mo ba? Ang gayong mga hindi mananampalataya ay dapat tratuhin ayon sa mga prinsipyo; dapat silang itapon sa paraang nararapat sa kanila. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at ito rin ay isang prinsipyo na dapat maging malinaw sa bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos.

Oktubre 23, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (23)

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikalawang Bahagi)

Sa huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: “Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo.” Sinaklaw ng pagbabahaginan ang isang aspekto nito: kung ano ang isang iglesia. Pagkatapos magbahaginan tungkol sa depinisyon ng isang iglesia, malinaw na ba sa inyo ang ugnayan sa pagitan nito at ng ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Pagkatapos makipagbahaginan ng Diyos tungkol sa depinisyon ng isang iglesia, naunawaan namin kung bakit umiiral ang mga iglesia, ang papel na ginagampanan ng isang iglesia, at ang gawaing ginagawa ng isang iglesia. Batay rito, makikilatis namin kung sino ang mga tao sa iglesia na nagdudulot ng mga paggambala at panggugulo, at hindi gumaganap ng isang positibong papel, at pagkatapos ay paaalisin o patatalsikin ang mga taong ito.) Pagkatapos maunawaan kung ano ang isang iglesia, dapat malaman ng mga lider at manggagawa kung bakit itinatatag ng Diyos ang mga iglesia, ang epekto sa mga tao ng pagbubuo ng mga iglesia, ang gawaing dapat gawin ng mga iglesia, ang mga uri ng mga tao na bumubuo sa isang iglesia, at kung sinong mga tao ang mga totoong kapatid. Pagkatapos maunawaan at malaman ang mga bagay na ito, mayroon na kayong isang batayang konsepto at depinisyon, pati na rin ng isang pundasyon ng mga prinsipyo para sa gawaing binalangkas sa ikalabing-apat na responsabilidad: “Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo.” Ito ay isang bagay na dapat maging malinaw sa inyo at nauunawaan ninyo sa usapin ng teorya at pangitain. Pagkatapos maunawaan ito, ang unang gawaing dapat isakatuparan ng mga lider at manggagawa ay ang kilatisin ang lahat ng uri ng masasamang tao. Ano ang mga pamantayan at prinsipyo para sa paggawa nito? Ang pagkilatis sa lahat ng uri ng masasamang tao ay dapat na nakabatay sa depinisyon ng isang iglesia, ang kabuluhan at kahalagahan ng pag-iral ng isang iglesia, at ang gawaing itinatatag ng Diyos para gawin ng mga iglesia. Noong nakaraan, ang mga pamantayan at batayan para sa pagkilatis sa iba’t ibang uri ng masasamang tao ay hinati sa tatlong pangunahing kategorya. Ano ang tatlong kategoryang ito? (Ang layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos, ang pagkatao ng isang tao, at ang saloobin ng isang tao sa kanyang tungkulin.) Sapat na bang partikular at komprehensibo ang tatlong pangunahing kategoryang ito? Sinasabi ng ilang tao, “Bakit hindi nakabatay ang pagkilatis sa lahat ng uri ng tao sa antas ng pagmamahal nila sa katotohanan, at sa antas ng pagpapasakop at pagkatakot nila sa Diyos, kundi batay sa layon nila sa pananampalataya sa Diyos, sa pagkatao nila, at sa

saloobin nila sa kanilang tungkulin? Hindi ba't napakababa ng mga pamantayang ito? Sa madaling sabi, batay sa partikular na nilalaman ng tatlong kategoryang ito, bakit walang mas malalimang pagtalakay tungkol sa saloobin ng mga tao sa Diyos at sa katotohanan? Bakit walang binanggit kung handa ba ang mga tao na tumanggap ng pagpupungos, paghatol, at pagkastigo, kung mayroon ba silang pusong nagpapasakop at may pagkatakot sa Diyos, at iba pang mas malalim na nilalaman na nauugnay sa katotohanan?" Naisip na ba ninyo kailanman ang tungkol sa tanong na ito? Huwag muna nating talakayin ang isyung ito sa ngayon. Tingnan muna natin ang tatlong pamantayan: ang layon ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos, ang pagkatao nila, at ang saloobin nila sa kanilang tungkulin. Batay sa mga pamagat ng mga ito, mababaw ba o hindi ang tatlong pamantayang ito? Kung ang isang tao ay hindi pasok sa pamantayan pagdating sa tatlong pinakabatayang pamantayang ito, matatawag ba siyang isang kapatid? (Hindi.) Maituturing ba siyang miyembro ng iglesia? Maaari ba siyang kilalanin ng Diyos bilang bahagi ng iglesia? (Hindi.) Wala sa mga bagay na ito ang posible para sa kanya. Kaya, kung ang isang tao ay kulang o mababa sa pamantayan pagdating sa lahat ng tatlong pamantayang ito, dapat makilatis ang gayong mga indibidwal; nabibilang sila sa mga hanay ng iba't ibang uri ng masasamang tao, at dapat silang paalisin o patalsikin. Kung ang isang tao man ay isang kapatid, kinikilala ng Diyos, o isang miyembro na dapat tanggapin ng iglesia, ay nakadepende kahit papaano sa kung siya ay pasok sa pamantayan at nakapasa sa usapin ng tatlong pamantayang ito. Kung hindi man lang niya matugunan ang tatlong pamantayang ito, tiyak na hindi siya isang kapatid. Natural na hindi siya kinikilala ng Diyos, at hindi rin siya dapat tanggapin ng iglesia. Kaya, paano siya dapat tratuhin at pangasiwaan ng iglesia? (Dapat siyang paalisin o patalsikin.) Kapag nakilatis na siya, dapat siyang alisin o patalsikin. Ganoon mismo iyon.

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

I. Batay sa Layon ng Isang Tao sa Pananampalataya sa Diyos

D. Para Makibahagi sa Oportunismo

Sa huling pagtitipon, nagbahaginan at nagtala tayo ng tatlong layon para sa pananampalataya sa Diyos. Kung itatala natin ang mga ito bilang mga pamagat sa seksiyon, ang una ay para matugunan ang pagnanais ng isang tao na maging isang opisyal; ang ikalawa ay para maghanap ng kasalungat na kasarian; at ang ikatlo ay para makaiwas sa mga sakuna. Natapos tayong magbahaginan tungkol sa tatlong layon na ito. Sunod ay magbabahaginan tayo tungkol sa ikaapat na layon: May ilang tao na nananampalataya sa Diyos dahil lang sa mga oportunistang kadahilanan, kaya ang pamagat ng layon na ito ay "para makabahagi sa oportunismo." Nakikita ng ilang tao na ang lahat ng relihiyon at denominasyon sa relihiyosong mundo ay mapanglaw at walang gawain ng Banal na Espiritu—na nanlamig na ang pananalig at pagmamahal ng mga

tao, na ang mga tao mismo ay lalong sumasama at hindi nakakakita ng pag-asa para sa kaligtasan, at na nanampalataya ang mga tao sa Panginoon sa loob ng maraming taon nang walang anumang nakakamit. Dahil nakikita nilang ganap nang naging tigang na lupa ang relihiyosong mundo, naghahanap sila ng isang daan pasulong para sa sarili nila. Pinagbubulay-bulayan nila, “Aling iglesia sa kasalukuyan ang may mas maraming tao, umuunlad, at may mga pagkakataon sa paglago?” Napag-aalaman nila na Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos, na nilalabanan at kinokondena ng relihiyosong mundo, ay umuunlad, na mayroon itong gawain ng Banal na Espiritu, at na mahusay itong lumalago sa loob at labas ng bansa. Iniisip nila, “Narinig ko na dumarami ang bilang ng mga miyembro ng iglesiang ito, na mahusay itong lumalago, at na nagtataglay ito ng masaganang lakas-tao, mga materyal na pinagkukunan, at mga pinansiyal na pinagkukunan, at may mga potensyal sa pag-unlad. Kung sasamantalahin ko ang magandang oportunidad na ito na sumali sa kanilang iglesia, hindi ba’t magkakamit ako ng ilang benepisyo? Hindi ba’t makakukuha ako ng magandang kinabukasan para sa aking sarili?” Taglay ang gayong intensyon at layon, at kaunting pagkamausisa, nakakapasok ang mga taong ito sa iglesia. Pagkatapos makapasok ng mga taong ito sa iglesia, hindi sila interesado sa katotohanan, sa pananampalataya sa Diyos, o sa pagbabago ng kanilang buhay disposisyon. Ang pakay nila sa pagsali sa iglesia ay para lang makahanap ng tagasuporta o ng isang lugar na matutuluyan at para makamit ang kinabukasang ninanais nila. Sa katunayan, sa kanilang puso, wala silang interes sa pananampalataya sa Diyos, sa mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos, o sa gawain ng pagliligtas na ginagawa ng Diyos, at ayaw nilang marinig o hanapin ang tungkol sa mga bagay na ito. Sa partikular, ganap silang walang interes sa gawain ng Diyos at sa gawain ng Banal na Espiritu. Ang mga taong ito ay parang mga oportunista sa lipunan na, anumang industriya ang sinasalihan nila, ay ginagawa lang ito para makahanap ng mga oportunidad na magkamit ng kasikatan, pakinabang, at katayuan, at para lang mamuhunan at magbayad ng halaga para sa kapakanan ng kanilang sariling kinabukasan at tadhana. Sa sandaling matuklasan nila na kasalukuyang walang mga malinaw na kinabukasan sa larangan o industriyang pinagtutuunan nila, o na ang industriyang ito ay hindi nagpapahintulot sa kanilang ipakita ang kanilang mga kalakasan at umangat sa mundo, madalas nilang kinakalkula sa isipan nila kung magpapalit ba sila ng trabaho o lilipat ng industriya. Sa anumang ginagawa nila, ang gayong mga tao ay palaging naghihintay ng pagkakataon para gumawa ng isang hakbang; mayroon silang intensyon at layon sa pagsali sa iglesia. Kapag ang iglesia ay umuunlad, kapag nakapananatili itong matatag at may mga pagkakataon sa paglago sa lipunan o sa anumang bansa, aktibo at masigasig nilang itinutuon ang sarili nila sa gawain ng iglesia. Subalit kapag ang iglesia ay inuusig at pinipigilan, o hindi matugunan ang kanilang mga personal na pagnanais at mga hinihingi, pinag-iisipan nila kung lilisanin ba nila ang iglesia at maghahanap ng ibang daan pasulong para sa sarili nila. Malinaw na ang tunay na layon ng mga taong ito sa pagsali sa iglesia ay hindi dahil interesado sila sa katotohanan; hindi

sila sumali sa iglesia batay sa pagkilala sa pag-iral ng Diyos at sa bagong gawain ng Diyos sa pagliligtas ng mga tao. Kahit kapag pumipili sila ng isang iglesia, pinipili nila ang isang kilala at malakihang iglesia na may maraming miyembro, lalo na ang isang iglesia na may partikular na antas ng kabantugan sa loob at labas ng bansa. Para sa kanila, ang ganitong uri lang ng iglesia ang nakatutugon sa kanilang mga pamantayan at ganap na naaayon sa mga layong minimithi o hinahangad nila. Subalit anuman ang mangyari, hindi talaga sila kailanman naniwala sa katotohanan, ni hindi nila tunay na kinilala ang pag-iral ng Diyos o ang gawain ng Diyos. Kahit na lumalabas na minsan ay gumagawa sila ng isang bagay para sa iglesia o itinutuon ang sarili nila sa ilang bahagi ng gawain ng iglesia, sa kaibuturan ng kanilang puso, nananatiling hindi nagbabago ang saloobin nila sa katotohanan at sa Diyos. Ano ang saloobin nila? Ang palagian nilang saloobin ay ang sumabay lang muna sa agos sa ngayon, para makita kung ano mismo ang maaari nilang makamit mula sa iglesiang ito, para makita mismo kung gaano karami sa mga binigkas na salita ng Diyos ang magkakatotoo at kung hanggang saan, at para makita kung kailan makakamit ang mga pagpapalang ipinangako ng Diyos sa tao, at kung ang mga pagpapalang ito ay maaaring masaksihan at matupad sa loob ng maikling panahon. Ganito palagi ang saloobin nila. Nagtutungo sila sa sambahayan ng Diyos nang may pagkamausisa at pagnanais na subukan ito, at nang may saloobin na kung matutupad at magkakatotoo ang mga salita ng Diyos, tatanggap sila ng mga pagpapala at hindi mawawalan. Ang gayong mga tao ay nagtutungo sa sambahayan ng Diyos at, kahit na tila palakaibigan sila sa iba, sumusunod sa mga alituntunin, hindi nagdudulot ng mga paggambala o panggugulo, at hindi gumagawa ng kalokohan, batay sa saloobin nila sa Diyos at sa katotohanan, matutukoy sila bilang mga halatang hindi mananampalataya.

Paano natin makikilatis ang uri ng mga hindi mananampalataya na naniniwala sa Diyos para lamang mala-oportunistang magkamit ng mga pagpapala, at walang kagustuhang makamtan ang katotohanan? Kahit gaano karaming sermon ang marinig nila, kahit paano ibahagi sa kanila ang katotohanan, hindi kailanman nagbabago ang mga kaisipan at pananaw nila sa mga tao at bagay, ang pananaw nila sa buhay at mga pagpapahalaga nila. Bakit ganito? Dahil hindi nila kailanman pinagbubulayan nang seryoso ang mga salita ng Diyos at ganap na hindi nila tinatanggap ang mga katotohanang ipinahayag ng Diyos o ang sinasabi ng Diyos tungkol sa iba't ibang isyu. Kumakapit lang sila sa mga sariling pananaw nila at sa mga pilosopiya ni Satanas. Sa puso nila, naniniwala pa rin sila na tama at wasto ang mga pilosopiya at lohika ni Satanas. Halimbawa, "Ang bawat tao para sa kanyang sarili at bahala na ang iba," "Hindi gagalawin ng mga opisyal ang mga sipsip sa kanila," o "Payapa ang buhay ng mababuti." May mga nagsasabi pa, "Kapag nananampalataya ang mga tao sa diyos, dapat silang maging mabuti, ibig sabihin ay hindi kailanman pagkitil ng buhay; isang kasalanan ang kumitil ng buhay, at hindi ito mapapatawad ng diyos." Anong klaseng pananaw ito? Isa itong pananaw ng Budismo. Bagama't maaaring akma ang pananaw ng Budismo sa mga kuru-kuro at imahinasyon ng mga tao, wala itong anumang katotohanan. Dapat nakabatay sa mga

salita ng Diyos ang pananalig sa Diyos; tanging ang mga salita ng Diyos ang katotohanan. Sa pananalig nila sa Diyos, tinatanggap pa nga ng ilang tao ang mga katawa-tawang pananaw ng mga walang pananampalataya at ang mga maling teorya ng relihiyosong mundo bilang ang katotohanan, pinahahalagahan at pinanghahawakan nila ang mga ito. Mga tao ba silang tumatanggap sa katotohanan? Hindi nila mapag-iba ang mga salita ng tao at ang mga salita ng Diyos, o ang mga diyablo at Satanas at ang nag-iisang tunay na Diyos, ang Lumikha. Hindi sila nananalangin sa Diyos o naghahanap sa katotohanan, hindi rin nila tinatanggap ang alinman sa mga katotohanang ipinahayag ng Diyos. Hindi kailanman nagbabago ang mga kaisipan at pananaw nila sa mga tao, sa mundo sa labas, at sa lahat ng ibang mga usapin. Kumakapit lang sila sa mga pananaw na dati na nilang pinanghahawakan, na nagmumula sa tradisyonal na kultura. Gaano man katawa-tawa ang mga pananaw na iyon, hindi nila ito nakikilatis, at pinanghahawakan pa rin nila ang mga maling pananaw na iyon at hindi nila binibitawan ang mga ito. Ito ang isang pagpapamalas ng isang hindi mananampalataya. Ano ang isa pang pagpapamalas? Ito ay na nagbabago ang sigasig, damdamin, at pananalig nila habang lumalaki ang saklaw ng iglesia at habang patuloy na tumataas ang katayuan nito sa lipunan. Halimbawa, nang lumaganap ang gawain ng iglesia sa ibang bansa at lumaki ang saklaw nito, nang lubos na lumaganap ang gawain ng ebanghelyo, nakita nila ito at agad silang sumigla. Nararamdaman nila na lalong nagiging mas malakas ang impluwensiya ng iglesia at hindi na magdurusa sa pang-aapi at pang-uusig ng gobyerno, naniniwala sila na may pag-asa ang pananalig nila sa Diyos, na puwede silang maging taas-noo; at kaya naramdaman nila na tama ang pagpusta nila sa pananampalataya sa Diyos, na magbubunga na sa wakas ang isinugal nila. Naramdaman nila na lalong nadaragdagan ang mga pagkakataon nila na makapagkamit ng mga pagpapala at nagsisimula na silang maging masaya sa wakas. Noong mga nakaraang taon, madalas nilang maramdaman ang pang-aapi, pasakit, at dalamhati dahil madalas nilang makita ang mga pang-aaresto at panunupil ng malaking pulang dragon sa mga Kristiyano. Bakit sila nagdadalamhati? Dahil nasa kalunos-lunos na kalagayan ang iglesia, at nababahala sila kung tama ba ang naging desisyon nila na manampalataya sa Diyos, at higit pa roon, nababahala at nag-aalala sila kung dapat ba silang manatili o umalis sa iglesia. Sa mga taon na iyon, anuman ang masasamang kalagayan na kinakaharap ng iglesia, may epekto ito sa mga emosyon nila; anumang gawain ang ginagawa ng iglesia at paano man magbago ang reputasyon at katayuan ng iglesia sa loob ng lipunan, nakakaapekto ito sa mga emosyon at lagay ng loob nila. Palaging sumasagi sa isipan nila ang tanong kung dapat ba silang manatili o umalis. Mga hindi mananampalataya ang mga gayong tao, hindi ba? Kapag kinokondena at sinusupil ng pambansang pamahalaan ang iglesia, o kapag inaaresto o hinuhusgahan, kinokondena, sinisiraan, at itinatakwil ng relihiyosong mundo ang mga mananampalataya, nakakaramdam sila ng matindi at labis-labis na kahihiyan na umanib sila sa iglesia; nag-aalinlangan ang puso nila at nagsisisi sila na nananampalataya sila sa Diyos at umanib sa iglesia. Wala silang anumang intensyon kailanman na makibahagi

sa mga kagalakan at paghihirap ng iglesia, o na magdusa kasama ni Cristo. Sa halip, kapag umuunlad ang iglesia, mukha silang nag-uumapaw sa pananalig, pero kapag inuusig, itinatakwil, sinusupil, at kinokondena ang iglesia, gusto nilang tumakas, umalis. Kapag hindi sila makakita ng anumang pag-asa na makatanggap ng mga pagpapala, o ng anumang pag-asa na lalaganap ang ebanghelyo ng kaharian, lalo nilang gustong umalis. Kapag hindi nila nakikita na natutupad ang mga salita ng Diyos, at kapag hindi nila alam kung kailan babagsak ang malalaking kalamidad at kung kailan matatapos ang mga ito, o kung kailan maisasakatuparan ang kaharian ni Cristo, nag-aalinlangan sila at hindi nila magawa ang tungkulin nila nang payapa ang isipan. Sa tuwing nangyayari ito, gusto nilang iwanan ang Diyos, iwanan ang iglesia, at maghanap ng paraan para makalabas. Mga hindi mananampalataya ang mga gayong tao, hindi ba? Para sa sariling interes ng kanilang laman ang bawat kilos nila. Ang mga kaisipan at pananaw nila ay hindi kailanman unti-unting magbabago sa pamamagitan ng pagdanas nila sa gawain ng Diyos, pagbabasa ng Kanyang mga salita, pakikipagbahaginan sa katotohanan, at pamumuhay ng buhay iglesia. Kapag may nangyayari sa kanila, hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan, o hinahanap kung ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos tungkol dito, kung ano ang mga layunin ng Diyos, kung paano ginagabayan ng Diyos ang mga tao, o kung ano ang hinihingi Niya sa mga tao. Ang tanging pakay nila sa pag-anib sa iglesia ay maghintay sa araw na magiging “taas-noo” na ang iglesia, para makuha nila ang mga pakinabang na matagal na nilang ninanais. Siyempre, umanib din sila sa iglesia dahil nakita nila na ang mga salita ng Diyos ang katotohanan—pero ganap nilang hindi tinatanggap ang katotohanan, at hindi sila naniniwala na matutupad ang lahat ng salita ng Diyos. Kaya ano ang masasabi ninyo, mga hindi mananampalataya ba ang mga gayong tao? (Oo.) Anuman ang mangyari sa iglesia o sa mundo sa labas, tinatantya nila kung gaano maaapektuhan ang mga interes nila, at kung gaano kalaki ang magiging epekto nito sa mga layong hinahangad nila. Sa pinakamaliit na tanda ng problema, agad nilang iniisip ang sarili nilang mga kinabukasan, interes, at kung dapat ba silang manatili o umalis sa iglesia nang may labis na talas ng isip. May mga tao pa ngang tanong nang tanong, “Noong nakaraang taon, sinabi na magtatapos na ang gawain ng diyos—kaya bakit nagpapatuloy pa ito? Anong taon ba eksaktong matatapos ang gawain ng diyos? Wala ba akong karapatang malaman? Napakatagal ko nang nagtiis, mahalaga ang aking oras, mahalaga ang aking kabataan—siguro naman, hindi puwedeng paghihintayin mo ako nang ganito?” Partikular silang sensitibo sa kung natupad na ba ang mga salita ng Diyos, sa sitwasyon ng iglesia, at sa katayuan at reputasyon nito. Wala silang pakialam kung makakamit ba nila ang katotohanan o kung maliligtas ba sila, kundi napakasensitibo nila sa kung magagawa ba nilang manatiling buhay, at kung magkakamit ba sila ng mga pakinabang at mga pagpapala kung mananatili sila sa sambahayan ng Diyos. Mga oportunista ang mga gayong tao sa pagnanais nila na mapagpala. Kahit pa manampalataya sila hanggang sa pinakawakas, hindi pa rin nila mauunawaan ang katotohanan, at wala silang masasalaysay na anumang patotoong batay sa karanasan.

May nakatagpo na ba kayong mga ganitong tao? Sa katunayan, may mga ganoong tao sa bawat iglesia. Dapat maging masigasig kayo sa pagkilatis sa kanila. Pawang mga hindi mananampalataya ang mga gayong indibidwal, salot sila sa sambahayan ng Diyos, magdudulot sila ng malaking pinsala at hindi sila kapaki-pakinabang sa iglesia, at dapat silang paalisin dito.

Ibuod natin ang mga katangian ng mga oportunista. Ang unang katangian nila ay na hindi nila masyadong sineseryoso ang usapin ng kung umiiral ba ang Diyos. Kung tatanungin mo sila kung umiiral ba ang Diyos, sasabihin nilang, “Siguro. Subalit ayos lang kung hindi siya umiiral. Narito lang ako para makita talaga kung matutupad ba o hindi ang mga propesiyang ginawa ng diyos, at kung darating ba o hindi ang malalaking kalamidad.” Sa loob ng mga kaisipan at pananaw nila, ang saloobin nila ay na hindi mahalaga kung umiiral ba ang Diyos o hindi. Hindi ba’t katawa-tawa para sa kanila ang manampalataya sa Diyos at sumali sa iglesia kung gayon? (Oo.) Ang pananalig nila sa Diyos ay isang simpleng pananampalataya, para itong isang laro, at wala itong kinalaman sa katotohanan o sa kanilang landas ng buhay. Wala talaga silang pakialam kung umiiral ba o hindi ang Diyos; ayos lang kung umiiral Siya, at ayos lang kung hindi Siya umiiral. Pinabubulaanan sila ng ilang tao, sinasabing hindi umiiral ang Diyos, at hindi sila nagagalit o namumuhi sa gayong mga tao. Kung sinasabi ng mga tao na umiiral ang Diyos, sinasabi nila na, “Kung umiiral siya, umiiral siya. Basta, kung naniniwala ka, umiiral siya; kung hindi, hindi siya umiiral.” Ito ang pananaw nila. Ang gayong mga tao ba ay mga tunay na mananampalataya? Sila ay mga hindi mananampalataya, hindi ba? (Oo.) Walang kabuluhan sa kanila kung umiiral man o hindi ang Diyos, kaya’t may sinseridad ba sa kanilang pananampalataya sa Diyos? Hindi posibleng maging taos-puso sila. Ano ang unang katangian ng mga oportunistang tao? (Hindi nila masyadong sineseryoso ang usapin ng kung umiiral ba ang Diyos.) Ito ang unang katangian.

Ano ang ikalawang katangian ng mga oportunistang tao? Ito ay na hindi sila masyadong taimtim sa pagtukoy sa pagitan ng mga positibo at negatibong bagay. Hindi nila kinikilatis kung aling mga kasabihan, tao, pangyayari, at bagay ang positibo at alin ang mga negatibo, at hindi nila ito sineseryoso. Para sa kanila, ang mabubuting bagay ay maaaring gawing masama, at ang masasamang bagay ay maaaring gawing mabuti, katulad lang ng kasabihan ng mga walang pananampalataya, “Ang isang kasinungalingang paulit-ulit na sinasabi ay nagiging totoo”; ang kasabihang ito ay totoo sa kanila. Kung tatanungin mo sila kung ano ang katotohanan, tiyak na hindi nila sasabihin na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan dahil hindi nila ito kinikilala. Ano ang sasabihin nila? Ang totoo nilang pananaw ay na ang isang kasinungalingang sinasabi ng isang libo o sampung libong beses ay magiging totoo, ibig sabihin na kung maraming tao ang magsasabi ng isang bagay, maniniwala silang totoo ito. Tulad ito ng kung paano sinasabi ng mga walang pananampalataya na: “Sa simula ay walang landas sa mundo, subalit habang mas maraming tao ang naglalakad, isang landas ang nabuo.” Wala silang pakialam tungkol sa kung ano ang tama o mali, makatarungan o buktot;

naniniwala sila na tama ang sinumang may malaking abilidad, at negatibo ang sinumang walang silbi at walang kakayahan. Tiyak na hindi nila kikilalanin na ang lahat ng sinasabi at ginagawa ng Diyos ay mga positibong bagay, ni hindi nila kikilalanin na ang hinihingi ng Diyos na isabuhay ng mga tao ay ang mga realidad ng mga positibong bagay. Magsasalita pa nga ang mga taong ito ng mga panlilinlang tulad ng, “Sinasabi mo na ang diyos ay ang katotohanan, at ang mga salita ng diyos ay ang realidad ng lahat ng positibong bagay. Ibig sabihin ba nito na walang mga positibong bagay sa mundo? Hindi ba’t may mga positibong bagay at katotohanan din sa mundo?” Hindi ba’t kalokohan ito? Hindi ba’t isa itong panlilinlang? (Oo.) Hindi ginagamit ng mga taong ito ang mga salita ng Diyos bilang pamantayan para sa kanilang mga salita o pagkilos. Halimbawa, kapag nagpapahayag sila ng isang panlilinlang at pinabubulaanan mo sila, sasabihin nilang, “Iniisip mong tama ka, at iniisip kong tama ako, kaya’t magkasundo tayo na hindi magkasundo. Anuman ang iniisip ng isang tao na mabuti, tama iyon.” Anong klaseng pananaw ito? Hindi ba’t pagtatangka lang itong hindi seryosohin ang mga bagay-bagay? (Oo.) Ito ay isang hangal at magulong pananaw; ang mga taong ito ay hindi taimtim pagdating sa pagtukoy sa pagitan ng mga positibo at negatibong bagay. Ano ang ibig sabihin ng hindi pagiging taimtim tungkol dito? Ibig sabihin nito na hindi nila kayang kilalanin sa puso nila na ang lahat ng positibong bagay na sinasabi ng Diyos ay nauugnay sa katotohanan, alinsunod sa katotohanan, at nagmumula sa Diyos, at na ang mga negatibong bagay na sinasabi ng Diyos ay salungat sa katotohanan at nagmumula kay Satanas. Hindi nila tinatanggap ang katunayang ito at palaging gustong palabuin ang mga konsepto. Para maiwasang makilatis ng iba at makondena, hindi sila kailanman taimtim sa pagtukoy sa pagitan ng mga positibo at negatibong bagay, hindi nila kailanman inilalantad ang kanilang mga tunay na pananaw, at palagi silang nagsasalita nang malabo, hindi kailanman sinasabi sa mga tao kung ano talaga ang iniisip nila. Iba-ibang mga bagay ang sinasabi nila depende sa kung sino ang kausap nila, ganap na umaayon sa sitwasyon batay sa pangangailangan. Ang mga taong ito, sa lahat ng aspekto, ay hindi interesado sa katotohanan o sa pag-iral ng Diyos. Ito ang ikalawang pagpapamalas ng mga oportunistang tao: Hindi sila masyadong taimtim sa pagtukoy sa mga positibo at negatibong bagay.

Ano pang ibang mga katangian mayroon ang mga oportunistang tao na ito? Palaging pipiliin ng mga taong ito kung mananatili o aalis ba sila batay sa kung paano umuusad ang mga bagay-bagay, yamang partikular silang bihasa sa pag-angkop sa mga sitwasyon. Nang sumali sila sa iglesia, nakagawa na sila ng sapat na paghahanda para sa kanilang estratehiya sa pag-alis at sa kanilang kinabukasan, dahil naplano na nila ang bawat hakbang. Sa kanilang puso, nagkakalkula at gumagawa sila ng mga plano tungkol sa kung ano ang gagawin kung matutupad ang mga salita ng Diyos at kung ano ang gagawin kung hindi matutupad ang mga ito matapos ang partikular na bilang ng mga taon. Ang ganitong uri ng tao ay hindi kailanman ganap na naging dedikado sa gawain ng iglesia pagkatapos pumasok sa iglesia. Sa halip, palagi nilang pinagmamasdan ang

paglago ng iglesia, ang saloobin ng iglesia sa kanila at kung paano sila tinatrato nito, at iba pang mga salik para pagdesisyunan ang mga susunod nilang hakbang. Hindi ba't masyadong komplikado ang mga kaisipan ng mga taong ito? (Oo.) Bagama't sumali na sila sa iglesia, palagi silang nagtataglay ng isang pansamantalang perspektiba, gaya ng isang kontraktuwal na manggagawa, nananatili magpakailanman sa isang kalagayan ng "pisikal na naririto subalit nasa ibang lugar ang pag-iisip," okupado ang kanilang isipan ng mga pakana at plano. Ang desisyon nilang manampalataya sa Diyos at sumali sa iglesia ay isa lang labag-sa-loob na kompromiso, hindi isang espirituwal na pangangailangan o isang pagnanais na sumunod sa Diyos at tumahak sa tamang landas ng buhay ng tao batay sa pagkilala sa pag-iral ng Diyos. Wala silang pananalig para dito. Ang mga taong ito ay nananampalataya sa Diyos nang may saloobing maghintay-at-magmasid, nagkakalkula sa kanilang puso: "Kung ang pananampalataya sa diyos ay maghahatid sa akin ng daan-daang pagpapala sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa mundong darating, at ng pagkakataong maligtas at makapasok sa kaharian ng langit, susunod ako at mananampalataya. Kung hindi ko matatanggap ang mga ito, lilisanin ko ang iglesia anumang oras at sa anumang sitwasyon at titigil ako sa pananampalataya." Ganap silang nanampalataya sa Diyos sa oportunistang pag-aasam ng pagkakamit ng mga pagpapala. Kung hindi sila makatatanggap ng mga pagpapala, maaari nilang abandonahin ang kanilang mga tungkulin anumang oras at sa anumang sitwasyon at magplano ng ibang landas para sa sarili nila dahil ang kanilang puso ay hindi kailanman nakaugat sa iglesia, ni hindi talaga nila pinili ang landas ng pananampalataya sa Diyos at pagsunod sa Diyos.

Ang mga pangunahing katangian ng mga oportunistang taong ito ay ang tatlong ito: Hindi nila sineseryoso kung umiiral ba ang Diyos, hindi nila sineseryoso ang pagkilatis ng mga positibo at negatibong bagay, at maaari nilang lisanin ang iglesia sa anumang oras at sa anumang sitwasyon. Gaano man kabuti ang pagtrato sa kanila ng mga kapatid, hangga't ang mga bagay ay hindi umaayon sa kanilang mga interes o nakatutugon sa kanilang mga kasalukuyang pangangailangan, maaari nilang lisanin ang iglesia. Subalit kapag wala na silang mapuntahan, pinipili nilang bumalik. Pagkabalik, hindi pa rin nila hinahangad ang katotohanan at maaaring muli nilang lisanin ang iglesia anumang oras. Anong uri sila ng walang-hiya? Ang kanilang pagdating at pag-alis ay parang napakakaswal; hindi sila taos-pusong nananampalataya sa Diyos. Ito ang mga katangian ng mga oportunistang tao; pagdating sa kanilang diwa, sila ay mga hindi mananampalataya. May ilang tao na maaaring magpatuloy na manampalataya sa loob ng tatlo hanggang limang taon, may ilang maaaring magpatuloy nang walo o sampung taon, subalit ang pakay nila ay para lang oportunistang maghanap ng mga pagpapala. Ang gayong mga tao ay hindi simple. Nakapagtitiis pa nga sila hanggang ngayon sa marahas at inuusig na kapaligiran ng mainland China—hindi ba't iyon ay parang "ang pagtulog sa mga sanga at pagdila sa apdo"? May ilang tao na hindi na makapagpatuloy pagkatapos manampalataya sa loob ng sampung taon, kaya nagrereklamo sila:

“Sampung taon na ang nakalipas. Nasayang na ang aking kabataan sa iglesia. Kung nagsumikap ako sa mundo sa loob ng sampung taong ito, magkano na kaya ang perang kinita ko? Marahil ay naging manedyer ako, at malamang na nagkaroon ako ng napakaraming ari-arian.” Pagkatapos ay hindi sila mapakali. Nanampalataya sila sa Diyos sa loob ng sampung taon para lang matugunan ang kakarampot nilang pagkamausisa at pagnanais para sa mga pagpapala, subalit hindi nila kailanman hinangad ang katotohanan. Dahil dito, wala silang napala. Nagsisisi silang nanampalataya sila sa Diyos, at pinagagalitan pa nga nila ang sarili nila, sinasabing, “Hangal ka, mangmang ka! Hindi mo tinahak ang malawak at madaling daan kundi pinilit mong tahakin ang mahirap na rutang ito. Walang pumilit sa iyo; sariling desisyon mo ito!” May ilang tao na kayang umalis kahit matapos manampalataya sa loob ng sampung taon, umaalis sa isang iglap. Pagkatapos na makaraos lang sa lipunan sa loob ng dalawa o tatlong taon, napagtatanto nilang hindi kasinggaan o kasingdaling tahakin ang lipunan gaya ng inakala nila, at ang mundong walang pananampalataya ay hindi kasingmakulay at kasing-ideyal gaya ng inakala nila; hindi madali para sa kanila na makaraos saanman sa mundo. Pagkatapos itong pag-isipan, napagtanto nilang mas mainam pa rin sa iglesia, kaya’t walang kahihiyan silang bumabalik. Pagbalik nila, sinasabi nilang, “Mabuti ang manampalataya sa diyos; masama ang mga walang pananampalataya, palaging nang-aapi ng mga tao. Masyadong maraming pagdurusa sa mundo. Sa mga taon na ito nang hindi pagbabasa ng mga salita ng diyos, nang hindi pamumuhay ng buhay iglesia, nalugmok ako sa kadiliman, tumatangis at nagngangalit ang aking mga ngipin araw-araw; nagdusa ako hanggang sa puntong tila hindi na ako tao. Mas mabuting manampalataya sa diyos!” Ipinahahayag nilang mas mabuting manampalataya sa Diyos, subalit sa katunayan, ito ay dahil narinig nilang masyadong maraming sakuna sa mundong ito, at malapit nang makaranas ng isang malaking kalamidad ang sangkatauhan. Walang kuwenta ang pagkakaroon ng pera, lupain, mga kotse, at mga bahay; tanging iyong mga may pananalig ang maliligtas. Kaya, bumabalik sila para manampalataya muli sa Diyos. Hindi ba’t isa itong oportunista? (Oo.) Kayang lisanin ng mga oportunistang tao ang iglesia anumang oras. Kung makikita nilang may pag-asang magkamit ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pagbalik sa iglesia, maaari din silang bumalik anumang oras. Pagbalik nila, maaari silang magsabi ng ilang salita ng pagsisisi at magpahayag na hindi nila kailanman iiwanang muli ang Diyos, subalit pagkatapos makita na kalmado at payapa ang mga bagay-bagay sa mundo at na maaari pa rin silang magtamasa ng ilang masayang araw, magagawa nilang muling lisanin ang iglesia anumang oras. Ano ang turing nila sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia? Itinuturing nila itong isang malayang pamilihan, dumarating at umaalis ayon sa kanilang kagustuhan. Sabihin mo sa Akin, kung ang gayong mga tao ay paaalisin o aalis nang kusa nila, dapat bang tanggapin silang muli ng iglesia kung gusto nilang bumalik? (Hindi.) Hindi sila dapat tanggaping muli. Ang muling pagtanggap sa kanila ay isang pagkakamali at lumalabag sa mga prinsipyo. Ang mga taong ito ay hindi nakatutugon sa mga pamantayan ng mga miyembro ng iglesia. Kaya

nilang lisanin ang iglesia anumang oras, at para magkamit ng mga pagpapala, kaya nilang ipagsiksikan ang sarili nila pabalik sa iglesia anumang oras, subalit sa buong prosesong ito, hindi nila kailanman tinatanggap ang katotohanan. Pinatutunayan nito na hindi sila tunay na mga mananampalataya. Ang gayong mga tao ay magiging mga puntirya ng pagpapaalis at pagpapatalsik magpakailanman. Dapat silang paalisin ng iglesia at sabihin sa kanilang: “Huwag kang manghinayang. Kapag nakaalis ka na, hindi ka na makakabalik. Hindi bubuksan ng iglesia ang pinto para sa iyo sa pangalawang pagkakataon. Ito ang prinsipyo.” Sinasabi ng ilang tao na: “Hangal sila noong panahong iyon, subalit umaasal na sila nang napakabuti ngayon. Kasing masunurin sila ng isang maliit na tupa, kasing kaawa-awa ng isang palaboy. Tuwing nakikita nila ang mga kapatid, ipinahahayag nila ang kanilang panghihinayang at pagkakautang, namumula ang kanilang mga mata mula sa pag-iyak sa pagsisisi. Mukha silang sobrang kaawa-awa, at ang kanilang saloobin ng pagtatapat ay napakabuti. Hayaan natin silang bumalik.” May anumang pangungusap ba rito na umaayon sa mga prinsipyo? (Wala.) Kahit pagkatapos manampalataya sa loob ng tatlo o maging sampung taon, kaya pa rin nilang lisanin ang iglesia nang determinado at walang pag-aalinlangan. Anong uri sila ng walang-hiya? Mga totoong mananampalataya ba sila? (Hindi.) Mayroon ba silang anumang sinseridad nang una nilang piniling sumunod sa Diyos? Wala. Kung nagkaroon talaga sila ng anumang sinseridad, hindi sila magiging lubos na determinadong lisanin ang iglesia. Sa pangkalahatan, maaaring sa sukdulan ay magkaroon ang isang tao ng gayong mga kaisipan kapag siya ay mahina, nasisiraan ng loob, o kapag hindi maganda ang takbo ng mga bagay-bagay para sa kanya, subalit hindi siya kailanman determinado na magdedesisyong lisanin ang iglesia para maghanap ng ibang daan pagkatapos manampalataya sa Diyos sa loob ng tatlo, lima, o maging sampung taon. Kung kaya niyang lisanin ang iglesia kapag gusto niya, ipinakikita nito na hindi siya sinsero noong tinanggap niya ang tunay na daan at sumali sa iglesia sa simula; may mga lihim siyang motibo at pakay—wala nang iba pang paraan para sabihin ito. Dapat malinaw na makilatis ang gayong mga tao. Hindi sila mga tunay na mananampalataya. Ang kanilang pananampalataya sa Diyos at pagsunod sa Diyos ay para sa oportunistang pag-aasam ng pagkakamit ng mga pagpapala. Ang gayong mga tao ay inilalarawan bilang mga oportunista at, kapag nakilatis, ay dapat paalisin sa iglesia. Kung hindi nila lilisanin ang iglesia at patuloy na sasamantalahin ang sitwasyon para sa pansarili nilang kapakinabangan sa loob ng iglesia, iyon ay dahil walang sinuman ang nakakilatis sa kung ano sila. Gayumpaman, sa pamamagitan ng pagbabahaginan ngayon tungkol sa iba’t ibang pagpapamalas ng mga oportunistang ito, ang mga lider at manggagawa at hinirang na mga tao ng Diyos ay dapat magkaroon ng isang malinaw na pagkaunawa at pagkilatis sa gayong mga tao. Kapag natuklasang hindi sila kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos o nananalangin sa Diyos, hindi interesado sa gawain ng Diyos o sa mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos, hindi interesado sa mga positibong bagay, at hindi sineseryoso ang mga ito, dapat silang bantayang mabuti. Kinakailangang

obserbahan ang mga motibo at layon nila sa pananampalataya sa Diyos, at tiyakin ang saloobin nila sa iglesia, ang saloobin nila sa katotohanan, at ang saloobin nila sa Diyos. Kung malinaw na wala silang tamang saloobin, partikular na walang pakialam sa paghahangad sa katotohanan at paggawa ng tungkulin, hindi nagpapakita ng anumang interes, at palagi silang nagdududa sa mga salita ng Diyos, makukumpirma na ang mga taong ito ay mga oportunista at mga hindi mananampalataya. Sa kasong iyon, hindi sila dapat ituring na mga kapatid; hindi sila bahagi ng iglesia. Sa halip, dapat silang paalisin sa iglesia. Ilang taon na silang nananampalataya at hindi pa rin nila tinatanggap ang katotohanan; kapaki-pakinabang ba na magpatuloy na makipagbahaginan tungkol sa katotohanan sa kanila? Makatotohanan ba na magpatuloy na maghintay sa kanila na magsisi? Huwag ka nang gumawa sa gayong mga tao, at huwag mo silang hintaying magsisi. Kung hindi sila handang gawin ang kanilang tungkulin at gusto pa rin nilang patagalin ang pananatili nila sa iglesia nang hindi umaalis, dapat humanap ng paraan ang mga lider ng iglesia para matalino silang maibukod. Angkop ba ito? (Oo.) Kapag ang mga taong ito ay nakilatis bilang mga oportunista, naklasipika na sila sa mga hanay ng iba't ibang masamang tao at mga hindi mananampalataya. Dahil sila ay masasamang tao at mga hindi mananampalataya, natutugunan nila ang mga prinsipyo at kondisyon para mapaalis o mapatalsik mula sa iglesia. Ang pagpapaalis sa kanila nang maaga ay talagang mas mainam kaysa sa pagpapaalis sa kanila nang huli. Makaiiwas sa maraming problema ang pagpapaalis sa kanila nang maaga, at hindi na nila kailangan pang makaramdam ng pagkaagrabyado. Dapat malinaw mong sabihin sa gayong mga tao na: "Hindi mo kailangang patuloy na magkalkula sa iyong puso kung kailan o kung paano ka aalis, at hindi mo kailangang patuloy na magkalkula kung mananatili ka o aalis. Ang sambahayan ng Diyos at ang Diyos ay hindi namimilit sa mga tao; kung gusto mong umalis, hindi ka susubukang udyukan ng iglesia na manatili. Subalit may isang bagay na dapat linawin sa iyo: Kung sigurado kang hindi ka isang tao ng sambahayan ng Diyos at ayaw mong maging isang miyembro ng iglesia, umalis ka sa lalong madaling panahon; huwag kang magpaliban. Ito ay para sa ikabubuti ng lahat. Kung nananampalataya ka sa pag-iral ng Diyos, kung kaya mong tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan, at tunay na handa kang sumali sa iglesia, ikaw ay nararapat na miyembro ng iglesia. Subalit ngayon, hindi ka nararapat. Dumating ka para sa oportunismo, at marahil hindi mo ito alam sa sarili mo, subalit nakilatis na namin—ayon sa mga salita ng Diyos, sa katotohanan, at sa mga prinsipyo ng iglesia sa pangangasiwa sa lahat ng uri ng tao—na ikaw ay isang oportunista. Palagi kang nagkakalkula ng tamang oras para lisanin ang iglesia; isa itong malaking abala. Hindi mo kailangang hanapin ang tamang oras; maaari ka nang umalis ngayon. Kung palagi kang hindi sigurado sa pagpapakita at sa gawain ng Diyos, sinasabi Ko na sa iyo ngayon nang malinaw: Hindi mo na kailangang pag-isipan o siyasatin pa ang mga bagay-bagay, hindi mo na kailangang patuloy na gawing mahirap ang mga bagay-bagay para sa iyong sarili—maaari mo na ngayong lisanin ang iglesia, bukas ang pintuan ng sambahayan ng Diyos, at hindi ka

pananatilihin ng sambahayan ng Diyos, hindi nito pinipilit ang mga tao." Angkop bang gawin ito? (Oo.) Bigyan sila ng "daan palabas"; huwag silang hayaang magdusa ng mga pahirap dito araw-araw na gaya ng mga langgam sa isang mainit na kawali, patuloy na pinahihirapan ng kanilang mga damdamin, kanilang laman, kanilang kinabukasan, at ng isyu ng pananatili o pag-alis. Gaano man sila pinahihirapan ng mga bagay na ito, hindi ito kailanman humahantong sa anuman. Pinagbubulay-bulay pa rin nila sa puso nila kung kailan sila aalis, kung paano aalis, kung magdurusa ba sila ng mga kawalan at kasawian kung aalis sila nang maaga, at kung makatatanggap sila ng mga pagpapala kung mananatili sila nang mas matagal. Paano kung umalis sila at pagkatapos ay natupad ang mga salita ng Diyos? Paano kung hindi sila umalis at nanatiling hindi natutupad ang mga salita ng Diyos? Hindi nila kailangang patuloy na mag-alala at mabalisa tungkol sa mga bagay na ito. Dahil hindi sila nananampalataya sa Diyos nang may tunay na kagustuhan, dapat silang umalis sa lalong madaling panahon. Hindi sila dapat manatili rito na sinusubukang samantalahin ang sitwasyon para sa kanilang personal na pakinabang, nagpapanggap na maging isang bagay na hindi naman sila. Sabihin mo sa Akin, mabuti bang payuhan sila nang ganito at pangasiwaan ito sa ganitong paraan? (Oo.) Kalabisan ba ang iklasipika ang mga oportunista kasama ng iba't ibang masamang tao para paalisin o patalsikin? (Hindi.) Sinasabi ng ilang tao na: "Paano maituturing na masasamang tao ang mga ganitong tao?" Gaano karaming mabuting tao ang mayroon sa mga hindi mananampalataya? Sa mata ng Diyos, ang disposisyong diwa ng mga nananampalataya sa Diyos at kumikilala sa pag-iral ng Diyos ay itinuturing na masama, lalo na iyong mga ganap na hindi nananampalataya sa Diyos at hindi kumikilala sa pag-iral ng Diyos. Kaya kalabisan bang iklasipika sila bilang masasamang tao? (Hindi.) Sa anumang kaso, kahit papaano ay tinatawag pa rin naman silang mga tao—masasamang tao. Sapat na mabuti nang hindi sila kinaklasipika bilang masasamang demonyo. Ang pagkaklasipika sa kanila kasama ng masasamang tao ay ganap na angkop at nararapat; hindi talaga ito kalabisan. Ang gayong masasamang tao ay isa rin sa iba't ibang uri ng mga tao na paaalisin o patatalsikin ng sambahayan ng Diyos. Ito ang ikaapat na uri ng hindi mananampalataya, na ang layon sa pananampalataya sa Diyos ay oportunista.

Ano ang mga pangunahing katangian ng mga oportunista? Sa pamamagitan ng inyong mga pakikipag-ugnayan sa mga taong ito at sa pagmamasid sa mga disposisyon, pananaw, saloobin, o pagkataong ibinubunyag nila, anong mga pangunahing katangian ang inyong natagpuan? Ibuod ninyo ang mga ito. (Sa simula, ang mga oportunista ay nanampalataya sa Diyos hindi upang hangarin ang katotohanan. Naririnig nila na Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos ay umuunlad, kaya't nanampalataya lang sila sa Diyos sa pag-aasam na makakuha ng ilang benepisyo at pagpapala mula sa sambahayan ng Diyos, naghahanap ng pakinabang. At kung hindi nila matatanggap ang mga bagay na ito pagkaraan ng ilang panahon, gusto nilang umalis. Hindi taos-pusong nananampalataya sa Diyos ang mga taong ito at hindi talaga sila interesado sa pananampalataya sa Diyos.)

Ano ang pinakamalaking problema sa mga oportunista? Ang pangunahing isyu ay na hindi sila interesado sa katotohanan pero pinakainteresado sila sa pagkakamit ng mga pagpapala, kaya't pinakamahirap para sa kanila ang tanggapin ang katotohanan. Sinasabi ng ilang tao na: "Hindi mo sila maaaring paalisin o patalsikin dahil lang hindi sila interesado sa katotohanan, tama?" Ang kawalan ng interes ng mga taong ito sa katotohanan ay pangunahing naipakikita sa hindi nila kailanman pagbabasa ng mga salita ng Diyos o pakikipagbahaginan sa katotohanan. Kung may marinig silang isang tao na nakikipagbahaginan sa katotohanan at nagsasalita tungkol sa pagkilala sa sarili, o paghahanap sa katotohanan para lutasin ang mga problema, nakararamdam sila ng partikular na pagtutol sa kanilang puso at ganap na hindi sila interesado, at nagsisimula silang makatulog. Lubhang tutol sila sa mga bagay na ito, at gumagamit pa nga ng walang kabuluhang pag-uusap, nagsasalita tungkol sa mga sakuna, at tinatalakay ang pagpapakita ng Diyos ng mga palatandaan at kababalaghan para guluhin ang iba mula sa pakikipagbahaginan sa katotohanan. Bilang resulta, ang ilan na hindi naghahangad sa katotohanan ay nasasabik kapag naririnig nila ang mga paksang ito at sumasali sa talakayan. Hindi ba't lantarang panggugulo ito sa buhay iglesia? Bihira silang magbasa ng mga salita ng Diyos sa kanilang pang-araw-araw na buhay, at kapag ginagawa nila ito paminsan-minsan, marahil ito ay dahil may bumabagabag sa kanilang kalooban. Hindi sila interesado sa mga pagtitipon, sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, o sa pakikipagbahaginan sa mga salita ng Diyos. Ang iniintindi lang nila ay: "Kailan darating ang araw ng diyos? Kailan matatapos ang malalaking kalamidad? Kailan natin matatamasa ang mga pagpapala ng kaharian ng langit?" Palagi nilang iniisip ang tungkol sa mga bagay na ito. Kung walang tumatalakay sa mga paksang ito, nag-oonline sila para magsaliksik, at pagkatapos magsaliksik, sinisimulan nilang ipakalat ang mga bagay na ito sa mga pagtitipon. Napupuno ang kanilang puso ng mga bagay na ito. Hangga't naririnig nila ang iba na nakikipagbahaginan tungkol sa mga paksang interesado sila, maaari silang mag-ambag at sumali sa pagbabahaginan. Subalit sa sandaling makarinig sila ng nilalamang nauugnay sa katotohanan o sa mga salita ng Diyos, ayaw nilang makinig. Nagsisimula silang makatulog, at umaalis pa nga ang ilan, habang ang iba ay nagsisimulang hindi mapakali—nagpapakita sila ng lahat ng uri ng pangit na ekspresyon. Sinasabi mong, "Magbahaginan tayo ng mga salita ng Diyos." Sinasabi nilang, "Nauuhaw ako, kailangan kong uminom ng tubig." Sinasabi mong, "Magbahaginan tayo tungkol sa pagkilala sa sarili," o "Magbahaginan tayo tungkol sa mga detalye ng paggawa ng mga tungkulin; tingnan natin kung ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos tungkol dito, at kung ano ang mga katotohanang prinsipyo." Sinasabi nilang, "May gagawin ako. Aalis na ako. Magsaya kayo sa inyong pag-uusap." Naghahanap sila ng lahat ng uri ng palusot para hindian at tanggihan ang pakikipagbahaginan sa mga salita ng Diyos at sa katotohanan. Malinaw na inilalantad nito ang katunayang hindi lang nila hindi minamahal ang katotohanan, kundi tutol din sila at nilalabanan nila ang katotohanan mula sa kaibuturan ng kanilang puso. Sa tuwing ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan ay

nababanggit, hindi sila hayagang sumasalungat o nakikipagtalo, kundi naghahanap sila ng iba't ibang palusot para tanggihan at iwasan ang mga ito. Hindi ba't malinaw na ipinapakita ng mga pag-uugaling ito na sila ay mga oportunista? Hindi ba't malinaw na ipinapahiwatig ng mga ito na sila ay mga hindi mananampalataya, nananampalataya sa Diyos para sa isang partikular na pakay, para sa oportunismo? (Oo.) Sinasabi ng ilang tao na: "Sinasabi mong sila ay mga hindi mananampalataya at hindi taos-pusong sumusunod sa Diyos, kung gayon bakit nagagawa nilang manampalataya hanggang ngayon at nagsusumikap pa rin sila at nagtitiis ng paghihirap para sa gawain ng iglesia?" Hindi pa ba sapat ang mga pag-uugaling kababanggit lang natin para masagot ang tanong na ito? Ang mga pag-uugaling ito ay sapat na para patunayan na tumpak ang ating pagkilatis at paglalarawan sa kanila. Samakatwid, para masukat kung ang layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos ay oportunista, dapat mong sukatin at kilatisin ito batay sa kanyang saloobin sa Diyos, sa gawain ng Diyos, sa katotohanan, at sa mga positibo at negatibong bagay. Ito ang pinakatumpak. Hindi tumpak at hindi obhetibo na sukatin ito sa pamamagitan ng kanyang panlabas na pag-uugali at mga kilos. Tanging ang kanyang tunay na panloob na mga kaisipan at ang kanyang saloobin sa Diyos at sa katotohanan ang nagbubunyag sa mga isyu; ang mga ito lang ang mga pinakatumpak na pamantayan para sa paglalarawan kung anong uri siya ng tao. Ngayon, talaga bang malinaw na sa inyo ang tungkol sa diwa niyong mga taong ang layon sa pananampalataya sa Diyos ay oportunistiko? Nakatagpo na ba kayong lahat ng ilang taong tulad nito? (Oo.) Mas mabuti para sa gayong mga tao na umalis sa lalong madaling panahon. Kung tunay na handa silang magserbisyo, maaari silang panatilihin nang may pag-aatubili. Gayumpaman, kung hindi nila ginagawa ang kanilang mga tungkulin at hindi kayang magbigay ng anumang serbisyo, kundi nagdudulot ng mga kaguluhan at may negatibong epekto sa gawain ng iglesia at buhay iglesia, dapat silang paalisin sa lalong madaling panahon. Ito ang prinsipyo para sa pagpapaalis sa mga hindi mananampalataya. Kailangan ng sambahayan ng Diyos ng mga taong taos-pusong nananampalataya sa Diyos at nagmamahal sa katotohanan; kailangan nito ng mga tapat na tagapagserbisyo. Tiyak na hindi nito kailangan ng mga hindi mananampalataya o iyong mga nagmamasid nang may pag-aalinlangan para maparami ang bilang. Hindi rin kailangan ng iglesia ang sinuman para punan ang bilang. Dito natin tatapusin ang pagbabahaginan natin tungkol sa paksang ito.

E. Para Maging Palamunin ng Iglesia

Sunod ay magbabahaginan tayo tungkol sa ikalimang layon: ang pananampalataya sa Diyos para maging palamunin ng iglesia. Pamilyar kayong lahat sa paksang ito ng pagiging palamunin ng iglesia, hindi ba? (Oo.) Ano ang mga pagpapamalas ng mga taong nagiging palamunin ng iglesia? Sa anong mga pagpapamalas natin matutukoy na hindi dalisay ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos, na hindi sila taos-pusong sumusunod sa Diyos, o nagtatangkang magkamit ng kaligtasan, at na hindi sila naparito

para hangarin at tanggapin ang katotohanan at isagawa ang mga salita ng Diyos batay sa pananampalataya sa pag-iral ng Diyos at sa kahandaang tanggapin ang pagliligtas ng Diyos para makamit nila ang layon ng pagtatamo ng kaligtasan, kundi sa halip ay naparito para maging palamunin ng iglesia? Ano ang ibig sabihin ng maging palamunin ng iglesia? Napakalinaw ng mababaw na kahulugan nito. Ang ibig sabihin nito ay sumali sa isang denominasyon sa pamamagitan ng relihiyosong pananampalataya para malutas ang mga isyung nauugnay sa pang-araw-araw na buhay ng isang tao at ang problema ng pagkakaroon ng pagkain. Ito ang pinakamaikli at tuwirang depinisyon ng “maging palamunin ng iglesia,” at ito rin ang pinakamalinaw na depinisyon. Kaya, ano ang mga pagpapamalas na ipinapakita ng mga taong ito na kumukumpirma na sila ay hindi mga totoong mananampalataya kundi naparito para maging palamunin ng iglesia? May ilang tao na may kahusayan sa isang partikular na kasanayan at may abilidad na magtrabaho tulad ng isang normal na tao, subalit nakikita nila na hindi patas ang lipunang ito at na hindi madali ang maghanapbuhay rito. Ang kumita ng pera sa pamamagitan ng pagtatrabaho para suportahan ang buong pamilya ng isang tao ay nangangailangan ng pagbangon nang maaga at pagpupuyat sa gabi, pagtitiis ng maraming paghihirap, at pagtitiis ng maraming sama ng loob—kailangan din ng isang tao na maging magaling makitungo at umangkop, subalit dapat ding maging sapat na malupit at masama, at dapat siyang magtaglay ng mga estratehiya at kapabilidad—tanging sa ganoong paraan lang magkakaroon ang isang tao ng isang matatag na kabuhayan at maitataguyod ang sarili sa lipunan. Kung tinitingnan iyong mga nagtatrabaho, anuman ang industriya at nasa mataas, panggitna, o mababang antas man sila ng lipunan, hindi madali ang maghanapbuhay. Iyong mga manggagawang white-collar ay nagbabalatkayo na may wangis ng tao, gamit ang magagara nilang itsura, matataas na titulo, matataas na pinag-aralan, at malalaking sahod at benepisyo, at ang lahat ay naiinggit sa kanila, subalit ang bawat hamong kinakaharap nila sa trabaho ay isang pagsubok. Hindi madaling magtrabaho sa anumang larangan. Ang pagiging magsasaka at pagtatrabaho sa bukirin ay lalong mas mahirap. Ang mga magsasaka ay nagpapakapagod nang husto, subalit nakakakuha lang sila ng sapat na ani para mapakain ang kanilang mga pamilya, wala silang pera para bumili ng mga damit at iba pang mga pangangailangan, o para kumpunihin ang kanilang mga bahay, at kapag gusto nilang gumastos ng kaunting pera, kailangan nilang umasa sa pagbebenta ng mga gulay o pagpapalaki ng mga hayop para magawa ito—mas miserable pa ang maging isang magsasaka! Tulad ng sinasabi ng mga walang pananampalataya, “Mahirap kitain ang pera—madali ang ipanganak, subalit mahirap ang mamuhay”—napakahirap maghanapbuhay. May ilang tao na walang paraan para kumita ng ikabubuhay, at nakikita nilang napakasama ng mga walang pananampalataya, at iniisip nila na iyong mga may relihiyosong pananalig ay mga taong totoo, at na maaaring medyo mas madali ang maghanapbuhay sa iglesia, kaya ginagamit nila ang pagkakataon ng pangangaral ng ebanghelyo ng sambahayan ng Diyos para pasukin ang iglesia. At pagkatapos marinig na ang pagkain ay ipinagkakaloob sa mga

gumagawa ng mga tungkulin, nagtutungo sila para gumawa ng isang tungkulin. Iniisip ng ilang tao na gustong gumawa ng tungkulin na, “Ako ang breadwinner ng aking pamilya. Hangga’t may mga tao na nagsasaka sa bukirin sa bahay, at naipagkakaloob ang mga gastusin sa pamumuhay ng aking pamilya, gagawin ko ang aking tungkulin.” Ang pangunahing layon nila sa pananampalataya sa Diyos at paggawa ng tungkulin ay para makakuha ng sapat na pagkain at mga damit na panlaban sa lamig para matiyak ang kanilang pananatiling buhay—para makakain ng tatlong beses sa isang araw, at para hindi na mangailangang umasa sa pagtatrabaho at pagkita ng pera para matustusan ang sarili nila; ayos lang ang lahat sa kanila basta’t nakatatanggap sila ng tulong mula sa iglesia at sa mga kapatid. Para makamit ang layong ito, ginagawa nila ang anumang isinasaayos ng iglesia na gawin nila. May ilang tao rin na, pagkatapos pumasok sa iglesia, ay nagsisimulang matuto kung paano maging lider at mangaral ng mga sermon. Binabasa nila ang mga salita ng Diyos nang madalas, kinokopya at isinasaulo ang mga salita ng Diyos nang madalas, at pagkatapos isaulo ang mga ito, natututo silang mangaral sa iba at tumulong sa mga tao na lutasin ang mga problema. Sinusubukan nila ang lahat ng posibleng paraan para tulungan ang lahat, at umaasang tutulungan sila ng mga tao pagkatapos matanggap ang kanilang tulong, at umaasang magiging mapagpasalamat ang mga tao sa kanila pagkatapos makinig sa kanilang mga sermon at sa mga salita ng Diyos na ipinangangaral nila, at sa gayon ay pagkakalooban sila ng kawanggawa at tulong. Halimbawa, kung wala silang perang pambayad para sa mga gastusin sa tubig at kuryente sa bahay, puwede silang tulungan ng mga kapatid na magbayad, at kung wala silang perang pambayad para sa pangmatrikula ng kanilang mga anak o para sa panggastos sa pagpapagamot ng kanilang mga maysakit na magulang, maipagkakaloob ng iglesia o ng mga kapatid ang mga pondong ito dahil gumagawa sila ng isang tungkulin. Sa ganitong paraan, napapanatag sila sa pananampalataya sa Diyos at nararamdaman nila na sulit ang pananampalataya nila sa Diyos, na hindi ito nagdulot sa kanila na magdusa ng anumang mga kawalan, at na nakamit na nila ang kanilang layon. Patuloy silang nagpapasalamat sa Diyos sa kanilang puso, sinasabing, “Ang lahat ng ito ay biyaya ng diyos, pabor ng diyos. Salamat sa diyos!” Para “masuklian” ang pagmamahal ng Diyos, “tumatalima” sila sa mga pagsasaayos ng iglesia, at basta’t napagkakalooban sila ng pagkain at mga gastusin sa pamumuhay, gagawin nila ang anumang uri ng gampanin—ang mithiin nila ay para lang magkaroon ng isang matatag na kabuhayan bilang kapalit. Kapag nakaligtaan ng iglesia ang kanilang mga pangangailangan sa pamumuhay at hindi maagap na nalutas ang kanilang mga paghihirap, nagiging malungkot sila. Ang saloobin nila sa gawain ng iglesia at sa mga tungkuling iniatas sa kanila ng sambahayan ng Diyos ay agad na nagbabago. Sinasabi nilang, “Hindi ito uubra, kailangan kong lumabas at kumita ng pera. Dati, wala akong pagkakataong kumita ng pera dahil ginagawa ko ang gawain ng iglesia. Madalas ko pa ngang inilalagay ang sarili ko sa panganib na maaresto ng malaking pulang dragon dahil personal kong ginagawa ang gawaing iyon, at kilala ako ng mga tao saanmang lugar.

Ngayon, hindi na madali para sa akin na kumita ng pera. Ano ang dapat kong gawin?” Sa ganitong uri ng sitwasyon, aktibo nilang ilalahad ang kanilang mga paghihirap at mga hinihingi sa mga kapatid, nakikipag-ugnayan pa nga at humihingi sa sambahayan ng Diyos. May ilang tao na walang pera para sa kanilang mga gastusin sa pamumuhay o para sa kanilang pagtanda, subalit hindi nila nilulutas ang mga problemang ito nang sila mismo. Sa halip, gusto nilang umasa sa paggugol ng sarili nila sa sambahayan ng Diyos para kumita ng pera para sa kanilang mga gastusin sa pamumuhay. May ilang tao na mas pinalalala pa nga ito—hindi lang nila hinihingi sa sambahayan ng Diyos na tustusan ang kanilang mga gastusin sa pamumuhay at para sa gastos sa pagpapalaki ng kanilang mga anak at pagsuporta sa kanilang mga magulang, humihingi rin sila ng pera para sa mga gastusin nila sa pagpapagamot. May ilang tao pa nga na humihingi ng pera mula sa sambahayan ng Diyos para bayaran ang kanilang mga utang—nagiging mas labis-labis ang kanilang mga hinihingi, at talagang wala silang kahihiyan para humingi ng gayong mga bagay. Pagkatapos manampalataya sa Diyos at sumali sa iglesia ang ilang tao, ang perang ibinayad ng sambahayan ng Diyos para tustusan ang mga gastusin nila, pati na ang mga karagdagang pondo na aktibo nilang hinihingi, ay lampas sa perang kinita nila mula sa pagtatrabaho. Batay sa kung natugunan ang mga kondisyong ito, sa panlabas ay tila ginagampanan nila nang may dedikasyon at lubos na katapatan ang gawaing iniatas sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, kapag nabawasan o nawala ang mga benepisyong ito, nagbabago ang kanilang saloobin. Ang saloobin nila sa gawaing itinalaga ng iglesia ay nag-iiba batay sa saloobin ng mga kapatid sa kanila at batay sa halaga ng tulong-pinansyal na ipinagkakaloob sa kanila ng sambahayan ng Diyos. Kapag binawi o nawala na ang biyayang tinatamasa nila, hindi na sila makikitang gumagawa ng mga tungkulin nila. Mula nang magsimula silang manampalataya sa Diyos, kinakalkula ng mga taong ito kung paano sila makapandaraya para magkaroon ng lugar sa sambahayan ng Diyos, at “karapat-dapat” na magtamasa ng kawanggawa at tulong ng mga kapatid pagkatapos magkamit ng posisyon dito, pati na rin ng tulong mula sa sambahayan ng Diyos at ng mga panustos nito para sa kanilang araw-araw na buhay. Tiyak na hindi nila taos-pusong ginugugol ang sarili nila para sa Diyos, tiyak na hindi sila pumarito para walang pasubaling gugulin ang sarili nila—sa halip, sumali sila sa iglesia nang may iisang mithiin, ang maging palamunin nito at magkaroon ng kabuhayan. Kapag hindi makakamit ang layong ito ayon sa kanilang kagustuhan, kaagad silang nagiging mapanlaban, at kaagad na ibinubunyag ang tunay nilang mukha, na sa isang hindi mananampalataya. Mula nang magsimula silang manampalataya sa Diyos, hindi sila pumaparito nang may sinseridad; hindi sila taos-pusong sumusunod sa Diyos, o tinatalikuran ang mga bagay-bagay at ginugugol ang sarili nila para sa Diyos nang kusang-loob, nang hindi humihingi ng mga gantimpala, at nang hindi humihingi ng anuman bilang kapalit. Sa halip, nanampalataya sila sa Diyos dala ang mga sarili nilang hinihingi, intensyon, at layon—ng layon nila na determinadong maging palamunin ng iglesia at umasa sa iglesia at sa mga kapatid para makapaghanapbuhay

dahil nananampalataya sila sa Diyos. Kapag hindi maaaring makamit o maisakatuparan ang layon na ito ayon sa kanilang kagustuhan, naghahanap sila ng ibang daan pasulong, sa pamamagitan ng pagtatrabaho o pagnenegosyo. Hindi ba't may ganitong mga tao? (Mayroon.) Mayroong ilang tao sa iglesia na ganito ang uri. Sa simula, kapag pinagkakalooban sila ng iglesia o ng mga kapatid ng ilang bagay bilang kawanggawa, tulad ng mga damit, mga pang-araw-araw na pangangailangan, o pera, tila sa panlabas ay nahihiya sila, subalit nagagalak talaga sila sa loob-loob nila. Halimbawa, sabihing nagpapatuloy sila sa bahay ng isa o dalawang kapatid o full-time na ginagawa ang tungkulin nila, at kaya pinagkakalooban sila ng sambahayan ng Diyos o ng mga kapatid ng kaunting kawanggawa at tulong-pinansyal sa kanilang pamilya. Labis silang natutuwa at kontento rito, iniisip na ang pananampalataya sa Diyos ay sulit at kapaki-pakinabang, at na hindi sila nawalan. Sa paglipas ng panahon, nagiging mas sakim ang puso nila, mas dumarami ang kanilang mga hinihingi, at lalo silang nagiging walang-hiya—gaano man karami ang ipinagkaloob sa kanila, hindi sila kailanman nakokontento. Sa simula, nahihiya pa silang tumanggap ng mga bagay, subalit habang tumatagal, pakiramdam nila ay medyo makatwiran ito, at pagkatapos ay nagsisimula silang magalit na hindi pa ito sapat. Sa kalaunan, direkta na nilang hinihingi na dapat magbigay ang sambahayan ng Diyos ng partikular na halaga; kung hindi, hindi sila makapananatiling buhay, at sa gayon ay hindi nila magagawa ang kanilang mga tungkulin. Hindi ba't lalong lumalaki ang kanilang kasakiman? (Oo.) Sa kabila ng pagtatamasa ng napakaraming biyaya, hindi lang nila hindi iniisip kung paano susuklian ito, kundi lalo din silang humihingi nang higit pa sa sambahayan ng Diyos. Naniniwala sila na ang sambahayan ng Diyos ang may pagkakautang sa kanila, na ang mga kapatid ang may pagkakautang sa kanila, at na tama lang na bigyan sila ng kawanggawa at tulong-pinansyal. Kung kaunti ang naibigay sa kanila o kung matagal bago nila ito natanggap, hindi sila nasisiyahan. Tinatanggap nila gaano man kalaking pera at anumang mga bagay ang ipinagkakaloob sa kanila, iniisip na tama lang ito. Habang patuloy nilang ginagawa ang kanilang tungkulin sa loob ng mas mahabang panahon, mas lalo nilang nararamdaman na may karapatan sila at nagsisimulang hingin na bigyan sila ng sambahayan ng Diyos ng mga mamahaling cellphone at kompyuter. Hinihingi rin nilang magkabit ang sambahayan ng Diyos ng mga aircon sa kanilang mga tahanan at magbigay ng mga kasangkapan tulad ng mga microwave at dishwasher. Hinihingi pa nga nila sa sambahayan ng Diyos na bilhan sila ng bahay at bigyan sila ng sasakyan, at may ilang humihingi ng kasambahay. Lalong dumarami ang mga hinihingi nila at lumalala ang kasakiman nila, at sa kalaunan, nagiging labis-labis ang mga hinihingi nila, at nangangahas na humingi ng kahit ano. Naniniwala silang, "Ginugol ko ang sarili ko at nagsumikap ako para sa sambahayan ng diyos sa aking pananampalataya sa diyos. Bahagi ako ng sambahayan ng diyos. Kayong mga tao ay nag-aalay ng napakaraming handog sa diyos—ano ang masama kung bibigyan ninyo ako ng bahagi nito? Bukod pa rito, kung bibigyan ninyo ako ng bahagi, hindi ito magiging para sa wala; nagsusumikap din ako sa sambahayan ng diyos at nakikipagsapalaran,

nagtitiis din ako ng paghihirap at nagbabayad ng halaga. Hindi ba't tama lang na tamasahin ko ang mga bagay na ito? Samakatwid, dapat na walang pasubaling tugunan ng sambahayan ng diyos ang aking mga hinihingi, dapat ibigay nito sa akin ang anumang kailangan ko, at hindi ito dapat maging kuripot." Sabihin mo sa Akin, hindi ba't mga pagpapamalas ang mga ito ng pagiging palamunin ng iglesia? Hindi ba't ang gayong mga tao ay mga hindi mananampalataya? (Oo.) Ang tumpak na paglalarawan para sa mga pag-uugaling ito ay ang pagiging palamunin ng iglesia. Ano ang ibig sabihin ng maging palamunin ng iglesia? Ibig sabihin nito ay ang mangikil ng pera at mga pag-aari ng sambahayan ng Diyos sa likod ng pagpapanggap ng pananampalataya sa Diyos, at paghingi ng kabayaran mula sa sambahayan ng Diyos sa likod ng pagpapanggap ng pagsusumikap para sa sambahayan ng Diyos at paggawa ng tungkulin. Ito ang ibig sabihin ng maging palamunin ng iglesia. Maaari bang hangarin ng gayong mga tao ang katotohanan? (Hindi.) Bakit nila tinatalikuran ang mga bagay, nagsusumikap sa sarili nila, at nagtitiis ng paghihirap? Ito ba ay para gumawa ng isang tungkulin? Isinasagawa ba nila ang katotohanan? (Hindi.) Nagsusumikap sila at nagtitiis ng mga paghihirap hindi talaga para sa layon ng paggawa ng kanilang tungkulin, kundi ganap na para magkaroon ng kabuhayan, at hindi talaga nila pinahihintulutan ang sinumang punahin sila—gusto lang nilang makatwirang maging palamunin ng iglesia. Ang mga ito ay mga taong nagiging palamunin ng iglesia.

Iyong mga nagiging palamunin ng iglesia ay nananampalataya sa Diyos hindi para sa iba pang dahilan kundi ang magkaroon ng ikabubuhay para sa sarili nila, para magkaroon ng kabuhayan. May mga tao ba sa paligid ninyo na nagiging palamunin ng iglesia? Sabihin ninyo ang tungkol sa mga pagpapamalas nila. (Nakatagpo ako ng isang taong tulad nito. Sa simula, tila medyo matalino at masigasig siya, kaya isinaayos ng iglesia na mangaral siya ng ebanghelyo. Noong panahong iyon, mahirap ang buhay para sa pamilya niya, kaya pinagkalooban siya ng iglesia ng kaunting tulong. Gayumpaman, napag-alaman kalaunan na ginastos niya ang pera nang walang mga prinsipyo, ginastos ito sa mga bagay na hindi niya dapat pinagkagastusan at hindi nagtipid kung saan siya maaaring magtipid. Nang nakipagbahaginan ang mga kapatid sa mga katotohanang prinsipyo sa kanya, hindi siya masaya at naging lubhang mapanlaban sa kanyang kalooban. Dahil ginamit niya nang mali ang pera ng sambahayan ng Diyos, gumawa ang iglesia ng mga makatwirang pagbabago ayon sa mga pagsasaayos at mga itinakda ng sambahayan ng Diyos, binawasan ang tulong-pinansiyal na ipinagkakaloob sa kanya. Dahil dito, nawala ang dating lakas na mayroon siya sa paggawa ng kanyang tungkulin, at lalo siyang naging pabasta-basta. Kinalaunan, tumigil ang iglesia sa pagtulong sa kanya, at wala na ang puso niya sa paggawa ng kanyang tungkulin. Ginugol niya ang lahat ng kanyang oras sa pag-iisip kung paano magtatrabaho at kikita ng pera. Nanghiram pa nga siya ng pera sa mga kapatid, sinasabing kailangan niyang bumili ng kotse at mamuhunan sa pagsisimula ng isang kompanya, at sinasabing gagawin nitong mas magaan ang pangangaral ng ebanghelyo at magkakamit ng mas maraming tao. Halatang

nililinlang at nililihis niya ang mga tao gamit ang mga salitang ito; ginagamit niya ang pagkukunwari ng pangangaral ng ebanghelyo para manggantso ng pera mula sa mga kapatid.) Paano pinangasiwaan ang taong ito? (Direkta siyang pinatalsik.) Iyon ang tamang bagay na gawin. Ito ay pagiging palamunin ng iglesia. Kapag ang mga taong nagiging palamunin ng iglesia ay unang nanampalataya sa Diyos, tila medyo masigasig sila at ginugugol nila ang sarili nila nang kaunti, at sa panahong ito ay hindi mataas ang kanilang mga hinihingi—ayos na sa kanila ang makakuha lang ng mga pagkain. Subalit sa paglipas ng panahon, hindi na sila kontento sa kung ano ang ibinibigay sa kanila at nagsisimulang tumaas nang tumaas ang mga hinihingi nila, at kung hindi natutugunan ang kanilang mga hinihingi, nagsisimula silang kumilos sa isang tusong paraan at umaayaw nang magserbisyo. Kapag ginagawa nila ang kaunti sa kanilang mga tungkulin, kailangan pa nga silang bantayan, kung hindi, gagawin nila ito nang pabasta-basta. Kalaunan, kapag napag-alamang ang serbisyong ibinibigay nila ay mas nakasasama kaysa nakabubuti, itinitiwalag sila. Sinasabi ng ilan na, “Bakit hindi sila pinakikitaan ng pagmamahal ng sambahayan ng Diyos?” Mayroon ding mga prinsipyo pagdating sa pagpapakita ng pagmamahal. Ang mga taong iyon ay mga hindi mananampalataya, hindi nila binabasa ang mga salita ng Diyos, o tinatanggap ang katotohanan, palagi silang kumikilos sa isang mapanlinlang at pabasta-bastang paraan habang ginagawa ang kanilang mga tungkulin, at hindi sila nakikinig kapag pinagbabahaginan ang katotohanan, o tumatanggap ng anumang uri ng pagpupungos, at masasabing hindi na sila mababago. Dahil dito, mapangangasiwaan lang sila sa pamamagitan ng pagpapaalis at pagtitiwalag sa kanila. Kung matutuklasan ng mga lider at manggagawa ang ganitong uri ng tao, dapat nila siyang agarang pangasiwaan, at kung matutuklasan ng mga kapatid ang gayong tao, dapat nila siyang agarang iulat sa mga lider at manggagawa. Ito ang responsabilidad ng bawat isa sa hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag nakumpirma nang ang taong ito ay nagiging palamunin ng iglesia, na hinahangad lang niya na magkaroon ng ikabubuhay, at na siya ay hindi mananampalataya, at nakumpirma na tumatanggi siyang gumawa kapag hindi siya binibigyan ng pera, umaayaw at nagiging mapanlaban kapag pakiramdam niya ay hindi siya sapat na nababayaran, at gumagawa lang ng kaunting trabaho kapag nababayaran nang sapat, hindi siya dapat pakitaan ng kaluwagan—dapat siyang paalisin! Sa pagsasalita nang tumpak, ang mga taong tulad nito ay hindi man lang angkop na magserbisyo sa sambahayan ng Diyos. Kung hindi mo sila babayaran, hindi sila magiging handang magserbisyo; subalit hangga’t binabayaran mo sila, kahit batid nilang nagseserbisyo lang sila, magiging handa pa rin silang gawin ito. Subalit anong uri ng serbisyo ang kayang ibigay ng mga hindi mananampalatayang ito? Hindi man lang sila makapagserbisyo nang maayos, at hindi pasok sa pamantayan ang serbisyo nila, kaya dapat silang itiwalag. Samakatwid, ang unang bagay na dapat gawin kapag nakilatis na sila ang uri ng mga taong nagiging palamunin sa iglesia ay ang pangasiwaan sila at patalsikin sila mula sa iglesia bilang masasamang tao. Hindi talaga ito labis-labis; ganap itong naaayon sa mga prinsipyo ng sambahayan ng Diyos para sa

pagpapaalis at pagpapatalsik ng mga tao. Kailangan bang bigyan ng pagkakataong magsisi ang ganitong uri ng tao? Kailangan ba silang panatilihin para sa obserbasyon? (Hindi.) May kakayahan ba silang magsisi? (Wala.) Ito mismo ang kalikasan nila; hindi sila kailanman magsisisi. Mga kauri sila ni Satanas. Sa mga kauri ni Satanas, may isang uri ng tao na may kalikasan ng maladiyablong tampalasan, na gustong maging palamunin sa iba saanman sila naroroon, at hindi nakikibahagi sa anumang gawain na marapat gawin saanman sila magpunta, at hinahangad lang na manggantso at mandaya ng mga tao. Nakikita nila na may pagkatao ang mga mananampalataya ng Diyos at ipinagpapalagay na madaling lokohin ang mga taong ito, kaya nagtutungo sila sa sambahayan ng Diyos para maging palamunin ng iglesia. Ang hindi nila alam, ang sambahayan ng Diyos ay matagal nang nakakilatis at nagbabantay laban sa kanila, at may mga prinsipyo ito sa pangangasiwa sa mga taong katulad nila. Kapag nabigo ang mga pagtatangka nilang maging palamunin ng iglesia, bigla silang sumasabog sa galit dahil sa kahihiyan, inilalantad ang mga tunay na kulay nila. Sa puntong iyon, malalaman mo kung bakit hindi binibigyan ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao ng pagkakataong magsisi—ito ay dahil wala silang pagkatao at walang kakayahang magbago. Sila ang mga maladiyablong tampalasan na binabanggit ng mga walang pananampalataya. Samakatwid, pinangangasiwaan ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao sa pamamagitan ng direktang pagpapaalis sa kanila o pagpapatalsik sa kanila, at hindi kailanman sila tinatanggap pabalik sa iglesia. Nararapat bang pangasiwaan sila bilang masasamang tao? (Oo.) Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin sa paksang ito.

F. Para Maghanap ng Kanlungan

Sunod, magbabahaginan tayo tungkol sa ikaanim na layon, ang ikaanim na uri ng hindi mananampalataya na dapat paalisin o patalsikin sa iglesia: iyong ang layon sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng kanlungan. Sinasabi ng ilang tao na, “Ano ang mga pagpapamalas ng paghahanap ng kanlungan? Mayroon bang mga nananampalataya sa Diyos para maghanap ng kanlungan? Umiiral ba talaga ang gayong mga tao?” Narinig na ba ninyo ang isang tao na nagsasabing, “Ang iglesia ay isang lugar ng kanlungan; nananampalataya ang mga tao sa Diyos para sila ay makahanap ng kanlungan”? Maraming tao sa relihiyon ang nagsasabi nito. Pagdating sa diwa ng kasabihang ito, may pagkakaiba ba sa pagitan ng kasabihang ito at sa layon na ating hihimayin—“pananampalataya sa Diyos para maghanap ng kanlungan”? (Oo.) Ano ang pagkakaiba? Para saan sila naghahanap ng kanlungan? (Iyong mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos ay mayroon ding ilang karumihan habang hinahangad ang katotohanan; umaasa rin silang makaiwas sa mga sakuna o mga paghihirap at magkamit ng kaunting kapayapaan. Gayumpaman, ang uri ng tao sa ikaanim na layon ay nananampalataya sa Diyos para lang maghanap ng kanlungan, at walang kahit kaunting tunay na pananalig sa Diyos sa kanya. Ito ang pagkakaiba.) Ang pagkakaiba rito ay ang pagkakaroon ng mga karumihan sa layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos

kumpara sa pananampalataya sa Diyos para sa tanging layon ng paghahanap ng kanlungan. Bukod sa pagkakaibang ito, may pagkakaiba rin pagdating sa kung mula saan sila naghahanap ng kanlungan. May ilang tao na may mga karumihang nakahalo sa kanilang layon sa pananampalataya sa Diyos; nananampalataya sila sa Diyos para maiwasan ang mga sakuna, matakasan ang mga sakuna, o para protektahan at bantayan sila ng Diyos, at pagkatapos ay obhetibo nilang maiiwasan ang ilang panganib at sakuna. Itong mga sakunang ito ang nilalayon nilang iwasan. Ang uri ng tao sa ikaanim na layon na ito na ating pinagbabahaginan—iyong ang layon sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng kanlungan—maghanap ng kanlungan mula sa mas malawak na saklaw ng mga bagay. Para sa kanila, ang pinakatunay ay higit pa sa pag-iwas sa malalaking kalamidad na hindi pa nangyayari. Kaya ano ang mga pinakatunay na isyu para sa kanila? Ang mga bagay tulad ng pagharap sa mabibigat na kaaway sa lipunan, pagharap sa mga demanda, pagsalungat sa mga opisyal ng gobyerno o maiimpluwensiyang tao, paglabag sa batas, digmaan o iba't ibang sakuna na nangyayari sa kanilang bansa, o pagharap sa ilang tao o pangyayari na naglalagay sa kanilang buhay o sa kaligtasan ng kanilang pamilya sa panganib, at iba pa. Pagkatapos makaharap ang mga sitwasyong ito, naghahanap sila ng isang iglesiang pinaniniwalaan nilang mapagkakatiwalaan at maaasahan para maghanap ng kanlungan; ito ang paghahanap ng kanlungan na binanggit sa ikaanim na layon. Ibig sabihin, kapag nahaharap sila sa ilang paghihirap sa kanilang pang-araw-araw na buhay na naglalagay sa kanilang buhay, pamilya, trabaho, karera, at iba pa sa panganib, pumupunta sila sa iglesia para maghanap ng kanlungan, naghahanap ng tulong ng isang puwersang binubuo ng malaking bilang ng mga tao. Ito ay pananampalataya sa Diyos para sa layon ng paghahanap ng kanlungan tulad ng nabanggit sa ikaanim na layon. Hindi ba't iba ito sa mga karumihan ng mga totoong mananampalataya? (Oo.) Ang layon ng ganitong uri ng tao sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng kanlungan, para humingi ng tulong mula sa iglesia. Ibig sabihin, umaasa siya na matutulungan siya ng iglesia, at, bukod sa tulong-pinansyal, hinihingi rin niya na pagkalooban siya ng iglesia ng proteksiyon, suporta, at tulong. May ilang taong tulad nito na gusto ring gamitin ang impluwensiya, katayuan, at reputasyon ng iglesia sa lipunan para labanan ang mga buktot na rehimen o mga buktot na puwersa na nang-aapi at pumipinsala sa mga nananampalataya sa Diyos, para maprotektahan ang kanilang buhay o kabuhayan. Ito ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos. May mga tao bang ganito? Naniniwala sila na ang iglesia ay isang mabuting lugar ng kanlungan na maihihiwalay sa politika at lipunan, at iniisip nila na kapag kailangan nila ng tulong, taos-puso at may kabaitan silang tutulungan ng iglesia para pagkalooban sila ng anumang tulong-pinansyal, para manindigan para sa kanila, para ipagtanggol sila, para katawanin sila sa mga demanda, at para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at interes. Ito ang layon ng mga taong ito sa pananampalataya sa Diyos. Hanggang sa araw na ito, may gayong mga tao ba sa iglesia? Narinig na ba ninyo kung may gayong mga tao? Tiyak na may mga taong tulad nito sa mga iglesia sa labas ng bansa. Ang mga taong ito ay nananampalataya sa

Diyos at sumasali sa iglesia para lang sa layon ng paghahanap ng kanlungan. Hindi nila nauunawaan kung ano ang pananalig, lalong hindi sila interesado sa katotohanan. Gayumpaman, kapag nahaharap sila sa mga paghihirap at hindi makahanap ng anumang tulong sa lipunan, iniisip nila ang iglesia, at naniniwala sila na ang iglesia ay isang lugar kung saan ligtas silang magkakaroon ng kanlungan, ang pinakamainam na ruta sa pagtakas, at ang pinakaligtas na lugar, kaya pinipili nilang manampalataya sa Diyos at pumasok sa iglesia para makamit ang kanilang layon na makaiwas sa mga sakuna.

Patindi na nang patindi ngayon ang mga sakuna, at wala nang paraan para manatiling buhay ang tao. May ilan na pinipiling manampalataya sa Diyos para lang maiwasan ang mga sakuna. Naniniwala silang may Diyos, subalit wala sila ni katiting na pagmamahal sa katotohanan. Kung ang gayong mga tao ay mananampalataya sa Diyos, dapat ba silang tanggapin ng iglesia? Maraming tao ang hindi malinaw na nakakikita sa isyung ito, at inaakalang sinumang nananampalataya na umiiral ang Diyos ay dapat na tanggapin ng iglesia. Isa itong napakalaking pagkakamali. Ang desisyon ng iglesia na tanggapin ang isang tao ay dapat batay sa kung kaya ba ng taong iyon na tanggapin ang katotohanan at kung siya ba ay isang layon ng pagliligtas ng Diyos, at hindi sa kung handa ba siyang manampalataya sa Diyos. Maraming diyablo ang gustong magtamo ng mga pagpapala at humanap ng daan pasulong sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos—dapat din bang tanggapin ng iglesia ang gayong mga tao? Hindi ito tulad ng pangangaral ng ebanghelyo sa Kapanahunan ng Biyaya, noong tinanggap ang sinuman basta't nananampalataya sila; may mga prinsipyo at paglilimita ng mga atas administratibo kaugnay sa kung sino ang tinatanggap ng iglesia sa Kapanahunan ng Kaharian. Sinupaman ang isang tao, hindi siya maaaring tanggapin kung hindi niya minamahal o tinatanggap ang katotohanan. Bakit hindi tinatanggap ang gayong mga tao? Ang pangunahing dahilan kaya hindi tinatanggap ang gayong mga tao ay dahil hindi natin makita nang malinaw ang pinagmulan nila at kung ano talagang klaseng tao sila. Kung tatanggapin ng iglesia ang isang diyablo, ang isang masamang tao na may karumal-dumal na kabuktutan, alam ng lahat ang masasamang ibubunga nito sa iglesia. Higit pa rito, sa pananampalataya sa Diyos, dapat nating maunawaan ang Kanyang mga layunin, kung sino ang Kanyang inililigtas at kung sino ang Kanyang itinitiwalag. Anong mga tao ang bumubuo sa iglesia? Binubuo ito ng mga taong tumatanggap sa pagliligtas ng Diyos, ng mga nagmamahal sa katotohanan, ng mga tinatanggap ng Diyos. Hindi inililigtas ng Diyos ang mga hindi tunay na nananampalataya sa Kanya at hindi tumatanggap sa katotohanan, dahil ang hindi pagtanggap sa katotohanan ay isang problema sa kalikasan ng isang tao, at ang ganitong uri ng tao ay kay Satanas at hindi kailanman magbabago. Kaya ang gayong mga tao ay hindi kailanman dapat papasukin sa iglesia. Kung papapasukin ng isang tao ang isang masamang tao, ang isang diyablo, sa iglesia, ang taong iyon ay alipin ni Satanas. Pumarito siya para sadyang pabagsakin at wasakin ang gawain ng iglesia, at siya ay isang kaaway ng Diyos. Ang pagpapapasok sa gayong diyablo, isang kaaway ng Diyos, sa iglesia ay pagsalungat sa disposisyon ng Diyos

at paglabag sa Kanyang mga atas administratibo, at tiyak na hindi ito kukunsintihin ng sambahayan ng Diyos. Ang masasamang tao, ang mga diyablo, ay hindi dapat papasukin sa iglesia—ito ay isa sa malilinaw na paninindigan at hinihingi ng iglesia sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo. Wala ni katiting na responsabilidad ang iglesia na tanggapin iyong mga pinipiling manampalataya sa Diyos para makatakas sa sakuna, ni hindi nito kailanman dapat papasukin ang mga hindi man lang tumatanggap sa katotohanan, dahil hindi inililigtas ng Diyos ang gayong mga tao. Ang sinumang hindi kumikilala sa mga salita ng Makapangyarihang Diyos bilang ang katotohanan, ang sinumang lumalaban sa katotohanan at tutol dito, ay isang masamang tao, at hindi sila inililigtas ng Diyos. Ang mga kumikilala naman sa Diyos sa kanilang puso subalit hindi minamahal ang katotohanan, at ikinaklasipika bilang mga hindi mananampalataya na nakikinabang hangga't nais, hindi kailanman dapat tanggapin ng iglesia ang sinuman sa kanila. Lalo naman ang mga imoral na tao sa lipunan na gustong maghanap ng kanlungan sa iglesia—lalong hindi sila dapat tanggapin. Ito ay dahil hindi isang organisasyong pangkawanggawa ang iglesia kundi dito ginagampanan ng Diyos ang gawain ng pagliligtas sa tao. Ang gawain ng iglesia ay walang kinalaman sa pamahalaan ng bansa. Ang mga organisasyong panlipunan ay nanghihikayat sa mga tao na gumawa ng mabubuting gawa, at itigil ang kanilang pakikipaglaban—ito ay para sa kapakanan ng bansa, at wala talaga itong kinalaman sa iglesia. Kung may sinumang mangangahas na magdala sa iglesia ng isang walang pananampalatayang masamang tao, isang diyablo, o isang hindi mananampalataya, ang taong iyon ay sasalungat sa disposisyon ng Diyos at lalabag sa mga atas administratibo ng Diyos. Ang sinumang magdadala sa iglesia ng isang masamang tao, isang diyablo, ang taong iyon ay dapat na paalisin o patalsikin ng sambahayan ng Diyos. Ito ang malinaw na paninindigan ng iglesia pagdating sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo. Kapag gusto ng masasamang tao, mga diyablo na ito na maghanap ng kanlungan sa sambahayan ng Diyos, dapat silang sabihan na mali ang pintuang pinuntahan nila, na mali ang lugar na pinili nila. Tiyak na hindi sila tatanggapin ng iglesia. Ito ang malinaw na paninindigan ng iglesia pagdating sa mga walang pananampalataya na gustong maghanap ng kanlungan. Nalinaw na ba ito? (Oo.) Kung gayon, paano natin dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? Ano ang angkop na paraan para sabihin sa kanila? Sabihin mong: "Saanmang bansa, may mga samahang Red Cross, mga institusyong pangkapakanan, mga bahay-tuluyan, at mga templong Budista, gayundin ang ilang boluntaryong grupo sa lipunan. Kung mahaharap ka sa mga problema at pakiramdam mo ay may mga hinaing kang dapat matugunan, maaari kang humingi ng tulong sa mga organisasyong ito. Dagdag pa rito, maaari kang humingi mula sa pamahalaan ng politikal na asilo o asilo para sa mga takas, at kung pahihintulutan ng iyong kondisyong pinansiyal, maaari kang kumuha ng abogado para tulungan ka sa iyong kaso. Subalit ito ay ang iglesia; ito ay isang lugar kung saan gumagawa ang Diyos, isang lugar kung saan inililigtas ng Diyos ang mga tao, hindi isang lugar para sa iyo para maghanap ng kanlungan. Kaya, ang pagpasok mo sa iglesia ay hindi nararapat, at

walang silbi ang pananatili mo rito. Hindi tinatanggap ng Diyos ang gayong mga tao, at hindi rin sila tinatanggap ng iglesia. Anuman ang mga paghihirap na mayroon ang mga walang pananampalataya, dapat silang humingi ng tulong mula sa mga organisasyong pangkawanggawa, mga organisasyong nagbibigay ng ayuda, o mga tanggapan ng mga Usaping Sibil sa lipunan—nakatuon ang mga organisasyong ito sa paglilingkod sa mga tao, pagbibigay ng kawanggawa at pagtulong sa iba. Anuman ang mga reklamo o kahilingan na mayroon ka, maaari mong sabihin sa kanila o maaari kang magpetisyon sa pamahalaan. Ang mga iyon ang mga pinakaangkop na lugar para sa iyo." Hindi tinatanggap ng iglesia ang sinumang hindi mananampalataya at walang pananampalataya. Kung ang isang tao ay partikular na "mapagmahal," hayaan siyang personal na tanggapin ang gayong mga tao at tapusin na ito; maaari niyang ipastol ang gayong mga tao nang siya lang, at hindi makikialam dito ang sambahayan ng Diyos. Maaaring magtanong ang ilang tao na, "Bakit nangangaral ang iglesia ng ebanghelyo kung gayon? Ano ang layon sa pangangaral ng ebanghelyo?" Ang pangangaral ng ebanghelyo ay atas ng Diyos. Ang mga potensiyal na tatanggap ng ebanghelyo ay iyong mga naghahanap sa Diyos at naghahanap sa tunay na daan, na nananabik sa pagpapakita ng Diyos, na nagmamahal sa katotohanan at kayang tumanggap sa katotohanan, at tunay na nananampalataya sa Diyos—sa mga taong ito lang maaaring ipangaral ang ebanghelyo. Tungkol naman sa mga hindi naghahanap sa Diyos, na hindi pumaparito para tanggapin ang katotohanan kundi para maghanap ng kanlungan, ang ebanghelyo ay hindi ipinangangaral sa kanila. May ilang tao na magulo ang pag-iisip na hindi makakilatis sa usaping ito at nalilito kapag nangyayari ang mga bagay-bagay sa kanila—ito ang mga taong magulo ang pag-iisip na hindi kailanman makauunawa sa mga layunin ng Diyos.

G. Para Maghanap ng Tagasuporta

Ang ikapitong layon ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng tagasuporta. Nakakita na ba kayo kahit kailan ng gayong mga tao? Medyo espesyal na sitwasyon ito; bagama't hindi sila marami, tiyak na umiiral sila. Ito ay dahil hindi lang sa Tsina lumitaw ang mga iglesia ng Diyos, kundi pati na rin sa Asya, Europa, Amerika, at iba't ibang bansa sa Africa, at kaya lilitaw kasama ng mga ito ang mga oportunista at mga hindi mananampalataya. Gaano man kataas ang posibilidad na lumitaw ang mga taong ito, sa anumang kaso, kapag lumitaw na sila, dapat ninyong harapin sila at kilatisin sila, at huwag hayaang makakuha ang mga hindi mananampalatayang ito ng anumang katayuan o lumikha ng mga kaguluhan sa iglesia. Kung akala ninyo na hindi umiiral ang mga problemang ito dahil hindi pa lumitaw ang mga ito o hindi pa ninyo nakatagpo ang mga ito, isa itong kahangalan. Kapag lumitaw ang mga problemang ito, kung wala kang pagkilatis at hindi mo alam kung paano lulutasin ang mga ito, magdadala ang mga ito ng malalaking nakatagong panganib sa iglesia, sa sambahayan ng Diyos, sa mga kapatid, at sa gawain ng iglesia. Kaya, bago pa may mangyaring anuman, kailangan mong malaman kung anong mga isyu ang dapat harapin at kung paano lutasin ang mga

ito. Ito ang pinakamabuting paraan; nagsisilbi ito bilang di-nakikitang proteksiyon para sa iyo. Ang mga tao na binanggit sa ikapitong layon sa pananampalataya sa Diyos, iyong mga nananampalataya sa Diyos para maghanap ng tagasuporta, ay hindi lang iilan. Ang lipunang ito ay puno ng kawalang-katarungan, diskriminasyon, at pang-aapi kahit saan. Ang mga tao na namumuhay sa lahat ng antas ng lipunan ay puno ng pagkasuklam at pagkamuhi sa iba't ibang kawalang-katarungan sa lipunan at puno rin sila ng galit. Gayumpaman, hindi madaling makatakas sa mga kawalang-katarungan ng mundo ng tao maliban kung maglalaho ka mula rito. Hangga't namumuhay ang isang tao sa mundong ito, hangga't namumuhay siya kasama ng mga taong ito, siya ay—humigit kumulang, at sa iba't ibang antas—maaapi at mapapahiya, at maaari pa ngang tugisin at usigin ng ilang makapangyarihang puwersa. Ang iba't ibang kawalang-katarungan at hindi pagkakapantay-pantay na ito ay nagdulot ng malaking stress sa isipan ng mga tao, nagdadala sa kanila ng matinding sikolohikal na presyur at, siyempre, ng maraming abala sa normal na pamumuhay ng mga tao. Bilang resulta, may ilang tao na hindi maiwasang makabuo ng isang partikular na ideya: "Para maitaguyod ng isang tao ang sarili niya sa lipunan, dapat magkaroon siya ng puwersa sa likod niya na masasandalan. Kapag nahaharap siya sa mga paghihirap at nangangailangan ng tulong, o kapag mag-isa siya at walang magawa, magkakaroon siya ng isang grupo ng mga tao na susuporta sa kanya at gagawa ng mga desisyon, para lutasin ang mga paghihirap at problema na kanyang kinakaharap, o para tiyakin ang mga pangangailangan niya sa buhay." Samakatwid, nagsusumikap silang maghanap ng gayong suporta. Siyempre, nahahanap ng ilan sa mga taong ito sa kalaunan ang iglesia. Naniniwala sila na ang mga tao sa iglesia ay nagkakaisa sa puso at gumagawa para sa iisang layon, ang bawat isa ay may pananalig, nagtataglay ng mababuting intensyon at nakikitungo nang mabuti sa iba, umiiwas sa mga tunggaliang panlipunan, at inilalayo ang sarili nila sa masasamang kalakaran ng lipunan. Para sa mga nananampalataya sa Diyos, walang duda na ang iglesia ay isang simbolo ng dakilang katarungan sa lipunang ito at sa mundo; ang mga tao sa iglesia ay mayroon ding positibo, mabuti, at mabait na imahe sa isipan ng mga tao. May ilang pinipili na manampalataya sa Diyos dahil nasa pinakamababang antas sila ng lipunan, walang anumang kapangyarihan sa lipunan at ganap na walang magandang kaligiran ng pamilya. Nahaharap sila sa iba't ibang paghihirap sa pagkuha ng edukasyon, pakikipagkaibigan, paghahanap ng trabaho, o paggawa ng iba't ibang bagay, kaya naniniwala sila na para makaraos at maitaguyod ang sarili nila sa lipunan, kailangan nila ng ilang tao na tutulong sa kanila. Halimbawa, kapag naghahanap ng trabaho, kung aasa lang sila sa sarili nila, susuyurin ang bawat oportunidad sa trabaho nang walang tiyak na direksiyon, maaaring halos maubos nila ang kanilang ipon nang hindi naman nakahahanap ng angkop na trabaho. Subalit kung matutulungan sila sa kanilang paghahanap ng ilang maaasahang tao na taos-pusong tumutulong sa kanila, mas kaunti ang kailangan nilang pagdaanang mga suliranin, at mababawasan nang malaki ang oras na gugugulin nila sa paghahanap ng trabaho. Samakatwid, naniniwala

sila na kung makahahanap sila ng gayong tagasuporta, pagdating sa lahat ng bagay na kailangan nilang harapin sa lipunan—pagkuha ng edukasyon, paghahanap ng trabaho, maging ang kanilang pang-araw-araw na buhay at pananatiling buhay—magkakaroon sila ng ilang tao na gagamit ng mga koneksiyon para sa kanila at susuporta sa kanila, isang grupo ng masisigasig na tao na tumutulong sa kanila nang hindi nakikita ng iba. Kaya, nang natagpuan nila ang iglesia, pakiramdam nila ay nahanap nila ang tamang lugar. Ang iglesia ay nagiging isang napakagandang pagpili para sa kanila para itaguyod ang sarili nila sa lipunan at magkamit ng mapayapang buhay. Halimbawa, kailangan man nilang magpatingin sa doktor, mamili, bumili ng insurance, bumili ng bahay, tumulong sa kanilang mga anak sa pagpili ng mga paaralan, o maging sa pangangasiwa ng anumang usapin, palagi silang makahahanap ng mga mapagmahal na tao sa iglesia na aalalay sa kanila at tutulong sa kanilang lutasin ang mga isyung ito. Sa ganitong paraan, nagiging mas magaan ang kanilang buhay, hindi na sila labis na nag-iisa sa lipunan, at mababawasan nang malaki ang mga paghihirap sa pag-aasikaso ng mga bagay-bagay. Samakatwid, para sa kanila, ang pagpunta sa iglesia para manampalataya sa Diyos ay talagang nagbibigay ng mga kongkretong benepisyo. Kahit kung pupunta sila sa doktor, maghahanap ang mga kapatid ng mga kakilala sa ospital para matulungan sila; magagamit nila ang mga ito para makakuha ng pinakamagagandang presyo sa mga bilihin, at makakabili pa nga sila ng mga bahay sa presyo na pribadong pinagkasunduan. Sa tulong ng mga kapatid sa iglesia, nalutas ang lahat ng problemang ito. Pakiramdam nila, “Napakabuting manampalataya sa diyos! Madali na lahat ngayon ang paghahanap ng trabaho, pag-aasikaso sa mga usapin, at pamimili! Tuwing may kailangan akong isang bagay, kailangan ko lang tumawag o magpadala ng mensahe sa grupo, at ang lahat ay nagsasanib-puwersa para tumulong. Napakaraming mabuting tao sa iglesia; napakadaling mag-asikaso ng mga bagay-bagay! Hindi madaling makahanap ng isang tagasuporta, kaya hindi ko iiwan ang iglesia anuman ang mangyari. Subalit ang mga pagtitipon sa sambahayan ng diyos ay palaging kinapapalooban ng pagbabasa ng mga salita ng diyos at pakikipagbahaginan sa katotohanan, na nagdudulot sa akin na maasiwa at malito. Ayaw kong kumain at uminom ng mga salita ng diyos, at nakararamdam ako ng pagtutol sa tuwing naririnig ko ang pagbabahaginan tungkol sa katotohanan. Subalit kung hindi ako makikinig, hindi iyon uubra—hindi ko sila maaaring iwan. Napakalaki ng itinutulong nila sa akin. Kung tatanggi akong makinig, mahihiya ako, at magiging nakakaasiwa ring sabihin na hindi na ako nananampalataya, kaya kailangan ko lang na sumabay sa agos at magsabi ng magagandang bagay.” Sa puso nila, hindi talaga nila gustong manampalataya, subalit wala silang magawa kundi itago ang damdaming ito. Sinasabi ng ilang tao na, “Nakikita Mo lang sila na palaging humihingi sa mga kapatid na asikasuhin ang mga bagay-bagay, at nagiging napakasaya nila kapag tumutulong ang mga kapatid—makikilatis Mo batay lang dito na ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng tagasuporta?” Maliban sa mga pagpapamalas na ito, tingnan mo kung madalas ba silang nagbabasa ng mga salita ng Diyos at nakikipagbahaginan sa

katotohanan, kung maisasakatuparan ba nila ang kanilang tungkulin at may anumang mga tunay na pagbabago; maipaaalam nito sa iyo kung taos-puso ba silang nananampalataya sa Diyos. Iyong mga naghahanap ng tagasuporta ay nananampalataya sa Diyos para lang gamitin ang iglesia at ang mga kapatid para asikasuhin ang mga bagay-bagay para sa kanila at lutasin ang mga paghihirap sa buhay nila. Subalit hindi nila kailanman binabanggit ang paggawa ng tungkulin nila, ni hindi sila kumakain at umiinom o nakikipagbahaginan ng mga salita ng Diyos. Sa sandaling marinig nila ang tungkol sa ilang mahusay na paraan para magawa ang mga bagay-bagay, labis silang nasasabik; nagsisimula silang dumaldal nang walang tigil at ni hindi mapahinto. Subalit pagdating sa paggawa ng tungkulin o pagiging matapat at hindi pagsisinungaling o panloloko sa iba, nananahimik sila. Hindi sila interesado sa mga bagay na ito sa kanilang puso—gaano ka man kaalab magsalita, wala silang tugon at hindi nakikilahok; patuloy pa nga nilang sinusubukang patigilin ka at ilihis ang paksa patungo sa isang bagay na interesado sila. Pinag-iisipan nilang mabuti kung paano mauudyukan ang mga kapatid na gumawa ng mga bagay-bagay para sa kanila at magsikap para sa kanila, ayaw bigyan ang mga kapatid ng pagkakataon na banggitin ang tungkol sa paggawa ng tungkulin o paggugol ng sarili para sa Diyos. Kung may sinumang magmumungkahi na gawin nila ang kanilang mga tungkulin at gugulin ang sarili nila para sa Diyos, mabilis silang nakahahanap ng sarili nilang agarang usapin para ialok bilang kapalit; habang inaasikaso ng mga kapatid ang usaping ito para sa kanila, labag sa loob silang nagsisikap nang kaunti para sa sambahayan ng Diyos, tinutugunan ang kahilingan ng mga kapatid kahit papaano, at kapag naayos na ang kanilang personal na usapin, nanlalamig na sila sa mga kapatid. Para mapanatili ang pakikipag-ugnayan sa iglesia, para hindi mawala ang tagasuportang ito na ang iglesia at ang mga katulong na ito na ang mga kapatid, pinananatili nila ang malapit na pakikipag-ugnayan sa lahat ng kapaki-pakinabang para sa kanila, madalas na may pagmamalasakit na nagtatanong tungkol sa mga ito, nagsasabi ng mga mapagsaalang-alang at hindi sinserong salita para panatilihin ang mga relasyon. Nagsasalita sila tungkol sa kung gaano sila nananampalataya sa pag-iral ng Diyos, kung gaano sila pinagpapala ng Diyos, kung gaano karaming biyaya ang ipinagkakaloob ng Diyos sa kanila, at kung gaano sila kadalas lumuluha, nakararamdam ng pagkakautang sa Diyos at handang suklian ang pagmamahal ng Diyos—ito ay para linlangin ang mga kapatid at makamit ang tulong ng mga ito. Kapag hindi na kapaki-pakinabang gamitin ang isang tao, kaagad nilang bina-block at binubura ang contact information nito. Masigasig silang sumisipsip, pumapabor, at lumalapit sa mga tao na pinakakapaki-pakinabang sa kanila, sa mga tao na pinakasulit na gamitin. Pagdating naman sa mga tao na hindi sulit na gamitin, iyong mga, katulad nila, ay wala ring impluwensiya o katayuan sa lipunan at nasa pinakamababang antas din ng lipunan na walang sinumang maaasahan, ni hindi nila tinitingnan ang mga ito. Eksklusibo silang nakikisalamuha sa mga taong sulit na gamitin at may mga koneksiyon sa lipunan, iyong mga sa tingin nila ay may kakayahan. Maaari lang silang magsikap at magtiis ng paghihirap para sa iglesia

kapag may kailangan sila sa iglesia o sa mga kapatid. Sa katunayan, ang mga pagpapamalas ng mga hindi mananampalataya ng gayong mga tao ay halatang-halata. Sa bahay, hindi sila kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos, hindi kailanman nananalangin sa Diyos kapag walang mga paghihirap, at nakikilahok sa buhay iglesia nang may labis na pag-aalangan. Hindi nila hinihinging gumawa ng mga tungkulin at hindi sila nagkukusa na isali ang sarili nila sa mga gawain ng iglesia; lalong hindi sila kailanman lumalahok sa mapanganib na gawain. Kahit pa pumayag silang gawin ito, nagpapakita sila ng matinding kawalang-pasensiya, at tanging kapag tinawag o inanyayahan lang sila atubiling nagsisikap nang bahagya. Ang mga ito ay mga pagpapamalas ng mga hindi mananampalataya. Ang hindi pagbabasa ng mga salita ng Diyos, ang hindi paggawa ng tungkulin—kahit na labag sa loob silang lumalahok sa buhay iglesia, ito ay para maiwasang mawala ang komunidad ng mga kapatid sa iglesia, ang isang malaking tagasuporta nila. Pinananatili nila ang mga relasyon nila sa mga taong ito para lang mapadali para sa kanila na asikasuhin ang mga bagay-bagay sa hinaharap. Sa sandaling ang gayong mga tao ay magkamit ng posisyon sa lipunan at magkaroon ng isang lugar para panirahan at simulan ang buhay nila, at kapag nagtagumpay na sila sa mundo at nagkamit ng impluwensiya at mga kinabukasan para sa isang maningning na hinaharap, mabilis at walang alinlangan na nilang iiwan ang iglesia, puputulin ang ugnayan sa mga kapatid, at hindi na makokontak. Kung may potensyal na tatanggap ng ebanghelyo na may magandang relasyon sa kanila at gusto mong makipag-ugnayan sa kanila para ipangaral ang ebanghelyo sa taong iyon, hindi mo sila makokontak. Hindi lang nila pinuputol ang ugnayan nila sa iglesia kundi winawakasan rin nila ang mga pagkakaibigan nila sa mga partikular na indibidwal. Hindi ba't malinaw na inilantad na nila ang sarili nila bilang mga hindi mananampalataya? (Oo.) Kaya paano dapat pangasiwaan ng iglesia ang gayong mga tao? (Paalisin sila.) Dapat ba natin silang bigyan ng pagkakataon, pakitaan ng pang-unawa sa kanilang kahinaan at sa mga paghihirap sa buhay nila, at higit pa silang suportahan at tulungan para magawa nilang manampalataya na umiiral ang Diyos, maging interesado sa katotohanan, at taos-pusong gugulin ang sarili nila para sa Diyos? Kailangan bang gawin ang gawaing ito? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil hindi naman talaga narito ang mga tao na ito para manampalataya sa Diyos.) Tama iyan, hindi sila naparito para manampalataya sa Diyos; napakalinaw ng layon nila—narito sila para maghanap ng tagasuporta. Kaya, magdudulot ba ng anumang resulta ang pakikipagbahaginan ng katotohanan sa gayong mga tao? (Hindi.) Hindi nila ito tatanggapin; hindi nila ito pinahahalagahan, hindi nila ito kailangan, at wala silang interes dito.

Paano natin dapat ilarawan iyong mga nananampalataya sa Diyos para lang maghanap ng tagasuporta? Napakaangkop na ilarawan sila bilang mga tao na inuuna ang sarili nilang mga interes kaysa sa anumang bagay. Hangga't nakikita nilang may silbi at may pakinabang ang isang tao sa kanila, gagawin nila ang anumang hinihingi ng taong iyon; susundin pa nga nila ang anuman at lahat ng utos na ibinibigay nito. Inuuna nila ang sarili nilang mga interes higit sa lahat; hangga't natutugunan ng isang bagay ang mga

interes nila, ayos lang iyon. Kung sasabihin mo sa kanila na ang pananampalataya sa Diyos ay magdadala sa kanila ng mga pagpapala at benepisyo, tiyak na mananampalataya sila sa Kanya at gagawin ang anumang ipagagawa mo sa kanila. Hangga't ang abilidad mo na mag-asikaso ng mga bagay-bagay sa lipunan ay tumutugon sa mga pangangailangan nila at nagpapahintulot sa kanilang makinabang, tiyak na makikisalamuha sila sa iyo. Gayumpaman, ang pakikisalamuha nila sa iyo ay hindi nangangahulugan na tunay silang makakapanampalataya sa Diyos, o na taos-puso nilang gugugulin ang sarili nila para sa Diyos tulad ng ginagawa mo. Kahit nakakasundo mo sila at mayroon kayong partikular na magandang relasyon, hindi talaga ibig sabihin nito na pareho kayo ng pananaw, sumusunod sa parehong landas, o may mga parehong hinahangad. Kaya, hindi kayo dapat mailihis ng gayong mga tao. Ang mga taong ito ay tuso at may mga taktika para sa pakikisalamuha sa ibang tao. Ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng tagasuporta, at hindi para hangarin ang katotohanan at kamtin ang kaligtasan. Ipinapakita nito kung gaano kababa at kadilim ang karakter nila! Nagtutungo sila sa iglesia para maghanap ng mga tao na masasamantala nila, nakikipagsabwatan para makamit ang iba't ibang benepisyo para sa sarili nila. Hindi ba't ibig sabihin nito na ang gayong mga tao ay may kakayahang kumilos nang walang pag-aalinlangan at gumawa ng iba't ibang uri ng kahiya-hiyang bagay? (Oo.) Batay lang sa katunayan na ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng tagasuporta at magkaroon ng kabuhayan, malinaw na hindi mabuti ang mga taong ito, at mababa ang kanilang karakter, sila ay makasarili, kasuklam-suklam, at karumal-dumal, namumuhay sa matinding kadiliman. Samakatwid, ang prinsipyo ng iglesia sa pangangasiwa sa kanila ay ang kilatisin din sila at pagkatapos ay paalisin o patalsikin sila. Kapag nakilatis mo na hindi sila mga totoong mananampalataya, na nagtungo sila sa iglesia para maghanap ng daan palabas at manamantala, nagnanais na abusuhin ang mga kapatid para asikasuhin ang mga bagay-bagay at magserbisyo sa kanila, kung gayon, sa gayong mga kaso, dapat agaran at tumpak na pangasiwaan ng mga lider at mga manggagawa at ng mga kapatid ang sitwasyon. Nang hindi inilalagay sa panganib ang kaligtasan ng iglesia o ng mga kapatid, paalisin sila o patalsikin sila sa lalong madaling panahon. Hindi sila dapat pahintulutang magpatuloy na magtago sa gitna ng mga kapatid. Hindi sila ang mga layon ng pagliligtas ng Diyos. Kapag nagtatago sa gitna ninyo ang gayong mga tao, palagi silang nagpapanatili ng mapag-imbot at mapagmatyag na tingin sa lahat para makita kung sino ang kapaki-pakinabang na samantalahin. Palagi silang nagkakalkula kung may mga tao sa iglesia na magagamit nila—sino ang may mga kamag-anak na nagtatrabaho sa ospital, sino ang marunong magpagaling ng mga sakit o may mga lihim na lunas, sino ang makakukuha ng mga mas murang presyo sa mga tindahan, aling pamilya ng kapatid ang nagpapatakbo ng tindahan ng kotse, sino ang makakukuha ng mga presyo sa mga bahay na pribadong pinagkasunduan—partikular nilang iniimbestigahan ang mga bagay na ito. Metikuloso ang mga taong ito sa kanilang mga kalkulasyon! Kinakalkula nila maging ang maliliit na bagay, at gusto rin nilang magpakana laban sa mga kapatid,

at magplano na samantalahin ang mga ito. Iniimbestigahan nila ang kaligiran ng pamilya ng lahat at pinananatili ang lahat sa loob ng saklaw ng kanilang mga pakana at pakikipagsabwatan. Mapapayapa ba ang inyong puso kapag nakikipag-ugnayan sa gayong mga tao? (Hindi.) Ano ang dapat gawin kung walang kapayapaan? Dapat kayong mag-ingat laban sa gayong mga tao. Ang mga taong ito ay nananampalataya sa Diyos nang may mga lihim na motibo; hindi sila naririto para hangarin ang katotohanan o ang kaligtasan, kundi para maghanap ng tagasuporta, ng kabuhayan, at ng isang daan palabas para sa sarili nila. Ang gayong mga tao ay partikular na makasarili, kasuklam-suklam, at mapanlinlang. Hindi sila gumagawa ng anumang tungkulin o gumugugol ng sarili nila para sa Diyos. Kapag kailangan sila ng iglesia para sa isang bagay, hindi sila matagpuan kahit saan, subalit muli silang lumilitaw kapag tapos na ang usapin. Alam lang ng mga taong ito na manamantala, at walang silbi na hayaan silang manatili sa iglesia; dapat gamitin ang iba't ibang paraan para alisin sila sa lalong madaling panahon. Sinasabi ng ilang tao na, "Kinakailangan ba talaga ang iba't ibang paraan para pangasiwaan ang isang tao?" Ang iglesia ay may lahat ng uri ng mga tao; marami sa kanila ang nananampalataya sa Diyos para lang maghanap ng tagasuporta at ng daan palabas, para magtamo ng mga pagpapala, o para maiwasan ang mga sakuna. Ang kalubhaan lang ng mga motibong ito ang nag-iiba-iba; may ilang tao na nagpapakita ng isang uri ng pag-uugali, habang ang iba ay nagpapakita ng iba pa. Samakatwid, ang iba't ibang tao ay dapat tratuhin nang magkakaiba; ito lang ang umaayon sa mga prinsipyo. Para sa mga hindi nananampalataya na ito na naghahanap ng tagasuporta, dapat silang agarang alisin. Huwag silang hayaang maging palamunin sa iglesia. Hinihingi nila sa mga kapatid na asikasuhin ang mga bagay-bagay para sa kanila—dahil talagang nangangailangan lang ng kaunting pagsisikap para tulungan silang asikasuhin ang mga bagay-bagay, bakit hindi sila dapat bigyan maging ng kaunting tulong na ito? Ang unang punto ay, mahalaga, na ang mga taong ito ay mga hindi totoong mananampalataya; sila ay mga ganap na hindi mananampalataya. Ang ikalawang punto ay na ang mga taong ito ay hindi maaaring magbago mula sa hindi pananampalataya tungo sa pagiging mga totoong mananampalataya. Hindi sila ang mga taong paunang itinadhana at pinili ng Diyos; hindi sila ang mga layon ng Kanyang pagliligtas—sa halip, sila ay mga taong gumagawa ng masama na nakapasok sa iglesia. Ang ikatlong punto ay na nagkukumahog ang mga taong ito sa buong iglesia, palaging humihingi ng tulong mula sa mga kapatid gaano man kalaki ang isyu na kanilang kinakaharap, na di-halatang nanliligalig sa mga kapatid at kasabay nito ay lumilikha ng isang lubhang negatibong kapaligiran sa iglesia na nakasasama sa lahat. Samakatwid, pinakamabuti na alisin sa lalong madaling panahon ang mga diyablong ito na nananampalataya sa Diyos para lang maghanap ng tagasuporta. Kung hindi mo pa sila natutukoy o nakikilala na ganitong klaseng tao sila, maaari mo silang panatilihin para sa obserbasyon. Kapag nakilatis at naunawaan mo nang malinaw na sila ay kabilang sa iba't ibang masamang tao na kailangang paalisin ng sambahayan ng Diyos, huwag mag-atubili o magpakita sa kanila ng anumang

paggalang. Pagkatapos makipagtalakayan sa lahat at makaabot sa isang konsensus, maaari mo silang paalisin. Kung hindi pinapansin ng mga lider at mga manggagawa sa iglesia ang usaping ito, basta't kinukumpirma ng nakararami sa mga kapatid na ang mga ito ay ang klase ng tao na nananampalataya sa Diyos para maghanap ng tagasuporta at daan palabas, may karapatan kayong direktang paalisin ang mga ito nang hindi dumaraan sa mga huwad na lider. Ang paggawa nito ay tama at ganap na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ito ay karapatan ninyo, obligasyon ninyo, responsabilidad ninyo; ito ay para sa sarili ninyong proteksiyon. Siyempre, kapag ang mga kapatid na mga totoong mananampalataya ay nahaharap sa mga paghihirap, may responsabilidad at obligasyon tayo na gawin ang lahat para tulungan sila sa abot ng ating makakaya, sa pamamagitan man ng mapagmahal na tulong at suporta, o sa pamamagitan ng materyal na tulong. Ito ang pagmamahalan ng magkakapatid, ang pagmamahal niyong mga nananampalataya sa Diyos. Gayumpaman, wala tayong responsabilidad o obligasyon na magsagawa ng pagtulong sa mga hindi mananampalataya dahil hindi sila mga kapatid at hindi karapat-dapat sa biyayang ito o sa gayong tulong. Ito ay ang pagtrato sa mga tao ayon sa mga prinsipyo. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa ikapitong layon sa pananampalataya sa Diyos. Hindi na kailangang magbigay pa ng mas partikular na mga halimbawa tungkol sa mga ganitong uri ng tao. Sa madaling salita, ang sinumang ang layon sa pananampalataya sa Diyos ay para maghanap ng tagasuporta ay isang taong dapat paalisin o patalsikin sa iglesia. Kapag nakilatis ng mga lider at mga manggagawa na may gayong mga tao sa iglesia, dapat agaran nilang paalisin ang mga ito. Paalisin ang bawat isang mahahanap mo, walang iiwang sinuman. Kung ang karamihan sa mga kapatid ay naligalig na hanggang sa puntong wala na silang magawa at hindi na makayanan pang tiisin ito, at patuloy pa rin silang ipinagtatanggol ng mga lider at manggagawa sa pagsasabing, "Mayroon silang mga paghihirap; dapat natin silang tulungan," ang gayong mga lider ay dapat sabihan na: "Hindi talaga sila mga totoong mananampalataya ng Diyos. Binabalewala nila ang sinumang nakikipagbahaginan sa kanila ng mga salita ng Diyos at tumatangging gawin ang kanilang tungkulin kapag sinabihan. Hindi sila kailanman nagkaroon ng anumang intensyon na gugulin ang sarili nila para sa Diyos, at gusto lang nilang gamitin ang mga kapatid para asikasuhin ang mga usapin nila. Wala tayong responsabilidad o obligasyon na tulungan ang gayong mga hindi mananampalataya!" Kahit na hindi sumasang-ayon ang lider ng iglesia, may karapatan kayong sumama sa karamihan para paalisin ang mga hindi mananampalataya sa iglesia. Kung hindi pa rin sumasang-ayon ang lider ng iglesia sa puntong ito, iulat pataas ang usaping ito; ibukod ang lider at hayaan siyang magnilay. Maaari ninyong muling tanggapin ang kanyang pamumuno kapag sumang-ayon na siya. Kung patuloy siyang hindi sasang-ayon, maaari ninyo siyang tanggalin sa puwesto at muling maghalal ng isang bagong lider. Ito ang ikapitong layon sa pananampalataya sa Diyos: para maghanap ng tagasuporta.

H. Para Hangarin ang mga Pampolitikang Pakay

Sunod, magbabahaginan tayo tungkol sa ikawalong layon: pananampalataya sa Diyos nang may mga pampolitikang layon at mga pampolitikang pakay. Ang posibilidad ng paglitaw ng gayong mga indibidwal ay hindi napakataas, subalit gaano man ito kaposible, hangga't may posibilidad na lilitaw ang mga taong ito, dapat nating itala ang mga halimbawa nila, at ilantad sila, magbahaginan tungkol sa kanila, at ilarawan sila. Dapat nating gawin ito para magkaroon ang lahat ng pagkilatis sa kanila, at pagkatapos ay mapaalis sila sa lalong madaling panahon, sa gayon ay mapipigilan ang pagdudulot ng suliranin at panganib sa iglesia at sa mga kapatid. Ginagawa ito para protektahan ang iglesia at ang mga kapatid. Samakatwid, iyong mga nananampalataya sa Diyos nang may mga pampolitikang pakay ay mga tao na dapat nating kilatisin at dapat tayong mag-ingat laban sa kanila, at sila rin ay masasamang tao na dapat paalisin ng iglesia sa lalong madaling panahon. Ano ang mga pagpapamalas niyong may mga pampolitikang pakay? Hindi nila sasabihin sa iyo ang mga tunay nilang iniisip. Hindi nila malinaw na sasabihin na, "Interesado lang ako sa politika, gusto kong lumahok sa politika, kaya nananampalataya ako sa Diyos nang may mga pampolitikang pakay at mga pampolitikang layon, at hindi para sa iba pang dahilan. Maaari ninyo akong pangasiwaan sa anumang paraang tingin ninyo ay nararapat." Sasabihin ba nila ito? (Hindi.) Kaya, ano ang mga pagpapamalas na mayroon sila na nagpapahintulot sa iyo na makilatis na sila ay may mga pampolitikang pakay? Ibig sabihin, anong mga salita ang sinasabi nila, anong mga bagay ang ginagawa nila, anong mga ekspresyon, mga tingin ng mata, at mga tono ng pananalita ang sapat para makumpirma mo na ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay hindi dalisay? Anuman ang sabihin o gawin nila, itinatago nila ang mga bagay-bagay sa kanilang puso, at walang makaarok ng mga ito. Mayroon silang espesyal na pagkakakilanlan at pinagmulan; mula sa kanilang pananalita at pag-uugali, makikita na mayroon silang mga pakana at masasamang plano, at na ang paraan nila ng pananalita at paggawa ng mga bagay ay estratehiko. Kapag nagsasalita sila, hindi maaarok ng karaniwang tao ang mga tunay na motibo o kaisipan nila, at kung bakit nila sinasabi ang mga bagay na iyon. Bagama't sa panlabas ay hindi nagpapakita ng poot o panghuhusga ang mga taong ito sa pananampalataya sa Diyos o sa pagbabahaginan sa katotohanan, at maaari pa ngang magpakita ng kaunting pagkagiliw sa mga bagay na ito, mararamdaman mo lang na kakaiba sila—naiiba sila sa ibang mga kapatid at medyo di-maarok. Ano ang karaniwang ginagawa mo sa mga taong medyo di-maarok? Nag-iingat ka lang ba laban sa kanila sa isang simpleng paraan? O nagkukusa ka para imbestigahan sila at alamin kung ano talaga ang mayroon sa kanila? (Dapat natin silang obserbahan.) Anuman ang ginagawa ng isang tao, ang layon at mga pakay niya ay karaniwang hindi madaling nailalantad sa loob ng maikling panahon. Subalit habang mas maraming panahon ang lumilipas—maliban kung wala talaga siyang ginagawa—kapag kumikilos siya, tiyak na mailalantad niya ang kanyang tunay na pakay. Obserbahan at hanapin

ang mga palatandaan mula sa maliliit na detalye—maaari mong matuklasan ang ilang impormasyon at mga palatandaan mula sa kanyang pananalita at pag-uugali, mula sa intensyon at direksiyon ng kanyang mga pagkilos, at mula sa mga salita at tonong ginagamit niya kapag nagsasalita. Ang kakayahang gawin ito ay nakasalalay sa kung ikaw ba ay metikuloso at kung may partikular na antas ka ng talino at kakayahan. Hindi magawang makilala ng ilang hangal ang panganib at kalupitang umiiral sa lipunan ng tao; sinuman ang kanilang nakakaharap, palagi silang gumagamit ng parehong paraan para makisalamuha sa mga ito. Bilang resulta, kapag nakakaharap nila ang mga tuso at mapanlinlang na politiko na may mga pampolitikang pakay, madali silang nagiging mga Hudas at mga kasangkapan para ipagkanulo ang iglesia, at di-namamalayang gumagawa ng mga hangal na bagay na bumibitag sa iglesia.

Ano nga bang mga pagpapamalas mayroon ang mga taong ito na may mga pampolitikang pakay? May isang partikular na panlipunang pinagmulan ang mga taong ito; sila ay mga indibidwal na nakikihalubilo sa mga samahang politikal. Anuman ang katayuan nila sa mga samahang politikal, sila man ay mga opisyal, gumagawa ng kung ano-anong trabaho, o naghahanda na magkaroon ng katayuan sa mga samahang politikal, sa madaling sabi, ang mga taong ito ay may politikal na pinagmulan sa lipunan; ito ay isang komplikado at espesyal na sitwasyon. Hindi mahalaga kung naniniwala man ang mga taong ito sa pag-iral ng Diyos, batay sa mga hangarin nila, sa mga landas na tinatahak nila, at sa kalikasang diwa nila, maaari ba na ang mga taong ito ay maging mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos? Maaari ba silang magbago mula sa pagiging mga hindi mananampalataya, mula sa pagiging mga politikong masigasig sa politika, tungo sa pagiging mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos? (Hindi.) Sigurado ka ba? O mayroon bang posibilidad? (Ganap na wala.) Tiyak na imposible ito. Ang pananampalataya sa Diyos at ang politika ay dalawang magkaibang landas; nabubuo ang dalawang landas na ito sa magkasalungat na direksiyon, walang mga pagkakatulad, at ganap na hindi maaaring magkasalubong. Ganap na magkaibang landas ang mga ito. Samakatwid, iyong may mga pampolitikang pakay o mahilig at masigasig sa politika, kahit na manampalataya sila sa Diyos nang walang anumang mga tahasang pampolitikang layon, ay nagkikimkim pa rin ng iba pang mga layon; at tiyak na ang layon nila ay hindi para makamit ang katotohanan o maligtas. Kahit papaano, matutukoy na hindi sila taos-pusong nananampalataya sa Diyos. Kinikilala lang nila ang alamat na may Diyos subalit hindi nila kinikilala ang pag-iral ng Diyos o ang katunayan na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay. Kaya, ang mga taong ito ay hindi kailanman magbabago mula sa pagiging mga hindi mananampalataya na masigasig tungkol sa politika tungo sa pagiging mga totoong mananampalataya na naniniwala sa pag-iral ng Diyos, kayang tumanggap sa gawain ng Diyos, at tumanggap sa paghatol at pagkastigo ng Diyos.

Ano ba talagang mga layon mayroon ang mga hindi mananampalatayang ito na may mga pampolitikang pakay sa pananampalataya sa Diyos? Nauugnay ito sa kanilang mga

paghahangad at sa mga propesyong nilalahukan nila. Halimbawa, may ilang tao na palaging may mga partikular na personal na hinihingi sa loob ng isang samahang politikal, na may mga dakilang pampolitikang layon at adhikain, at iba pa, na—anuman ang mga ito—ay pawang nauugnay sa politika. Ano ang ibig sabihin ng “politika”? Sa madaling salita, nauugnay ito sa mga rehimen, kapangyarihan, at pamamahala. Samakatwid, ang pananampalataya nila sa Diyos na may mga pampolitikang pakay ay nauugnay, siyempre, sa mga pampolitikang paghahangad nila. Kaya ano ang mga pakay nila? Bakit nagugustuhan nila ang mga tao sa iglesia? Gusto nilang gamitin ang institusyon na ang iglesia, ang malaking bilang ng mga tao sa iglesia, at ang impluwensiya ng mga taong ito sa iglesia mula sa iba’t ibang propesyon at antas panlipunan, para makamit ang mga layon nila. Matapos matutunan ang tungkol sa mga turo ng iglesia, ang operasyon ng iba’t ibang aytem ng gawain ng iglesia, ang paraan kung paano ipinapamuhay ng hinirang na mga tao ng Diyos ang buhay iglesia, ang pagsasagawa nila ng tungkulin, at iba pa, sinusubukan nilang isama ang sarili nila sa iglesia. Pinanghahawakan nilang maigi sa kanilang isipan ang mga bagay tulad ng espirituwal na terminolohiya at iba’t ibang ekspresyon na madalas gamitin sa pagbabahaginan ng hinirang na mga tao ng Diyos, umaasang balang araw ay magagamit nila ang mga ito para hikayatin ang lahat na makinig sa kanila, upang magamit nila, sa gayon ay makakamit ang mga pampolitikang layon nila. Katulad ng sinasabi ng mga walang pananampalataya, pagkatapos na ang mga bagay-bagay ay mamuo sa loob ng ilang panahon, kapag kaya nilang magtaas ng bandila at mang-udyok ng mga tao na maghimagsik, mas maraming tao ang tutugon sa tawag nila at susunod sa kanila, para magkamit sila ng bahagi ng mga tao sa iglesia upang maging puwersa nila para labanan ang kanilang mga karibal. Ang gayong mga bagay ay nangyari na ng ilang beses sa kasaysayan ng makabagong Tsina. Halimbawa, ang Rebelyong White Lotus at ang Rebelyong Taiping noong Dinastiyang Qing ay mga pangyayari kung saan ginamit ng mga tao na may mga pampolitikang pakay ang relihiyon para labanan ang pamahalaan. Ang mga turo ng kanilang mga relihiyon ay lumihis sa tunay na daan at may maraming kakatwa at katawa-tawang aspekto na hindi talaga tumugma sa katotohanan. Ginamit niyong may mga pampolitikang pakay ang gayong mga turo para pagkaisahin ang isipan ng mga tao, bigkisin ang kanilang isipan, at impluwensiyahan at indoktrinahan ang kanilang isipan. Sa huli, sinamantala nila ang mga taong ito na inindoktrinahan para makamit ang kanilang mga pampolitikang layon. Mula sa simula, kapag ang mga taong ito na may mga pampolitikang pakay ay nanampalataya sa Diyos, ang pangalan ng iglesia ang gusto ng mga ito. Ibig sabihin, maitatago nila ang kanilang pagkakakilanlan at ang kanilang mga pakay sa ilalim ng titulo ng institusyon na ang iglesia—ito ay isang aspekto. Ang isa pa ay iniisip nila na hangga’t ipinapakalat nila ang kanilang mga pampolitikang pananaw sa ilalim ng bandila ng pananampalataya sa Diyos, magiging napakadaling indoktrinahan ang mga tao sa iglesia, at na ang mga taong ito ay malamang na sasamba at makikinig sa mga sikat na tao. Dahil dito, malamang na tingnan ng mga indibidwal na ito na may mga pampolitikang

pakay ang mga tao sa iglesia bilang mga bagay na magagamit. Naniniwala sila na napakadali para sa iglesia na maging isang lugar kung saan maaari nilang itago ang kanilang pagkakakilanlan, at na ang mga miyembro ng iglesia ay mga bagay na madali nilang magagamit—sa madaling salita, ganito nila nakikita ang mga bagay-bagay. Samakatwid, ang layon nila sa pagsali sa iglesia ay para umasa na isang araw, kapag nagkamit na sila ng kapangyarihan, malalabanan nila ang mga karibal nila sa politika at magkakamit sila ng kapangyarihan—ito ang kanilang pampolitikang pakay. Gusto nilang gamitin ang huwad na dahilan ng pananampalataya sa Diyos para gawing bahagi ng politikal na saklaw ng impluwensiya nila ang mga taong umiidolo at sumusunod sa kanila. Sinasabi ng ilang tao na, “Maaaring mayroon silang ganitong layon, subalit kung hindi sila gagawa ng anumang galaw, sa pinakamalala ay makikita lang namin na sila ay mga hindi mananampalataya o mga huwad na mananampalataya. Paano namin makikita na mayroon silang malinaw na mga pampolitikang layon?” Hindi ito mahirap. Maglaan lang ng oras para mag-obserba. Hangga’t may mga pampolitikang pakay sila, tiyak na kikilos sila. Kung ayaw nilang kumilos, bakit pa nila pinasok ang iglesia? Kung hindi pa sila kumikilos, ito ay dahil hindi pa nila nahahanap ang pagkakataon. Kapag nagkaroon na sila ng pagkakataon, kikilos sila nang naaayon. Halimbawa, kung ang pamahalaan ay nagpapatupad ng isang maling patakaran o sinusugpo at inaaresto ang hinirang na mga tao ng Diyos, tatalakayin at kikilatisin lang ng mga kapatid ang usaping ito, at doon na iyon magtatapos. Anuman ang mangyari, ang pananampalataya sa Diyos, ang paggawa ng kanilang mga tungkulin, at ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ang mahalaga. Hindi nila isasakripisyo ang mahalagang bagay para sa maliliit na bagay; magpapatuloy silang manampalataya sa Diyos at gawin ang mga tungkulin nila sa paraang nararapat, gaya ng nakasanayan. Gayumpaman, iba ang mga tao na may mga pampolitikang pakay. Palalakihin nila ang usapin, walang tigil na ilalantad at malawakang isasapubliko ito, at desperadong gugustuhin na udyukan ang lahat na maghimagsik laban sa pamahalaan para maisulong ang sarili nilang mga pampolitikang pakay, at hindi sila titigil hangga’t hindi nila nakakamit ang kanilang mga layon. Alang-alang sa pakikibahagi sa politika, ganap nilang isinasantabi ang mga usapin ng pananampalataya sa Diyos at pagtupad sa kanilang mga tungkulin, at binabalewala ang mga hinihingi ng Diyos sa tao at ang mga layunin ng Diyos. Ganito sila kabaliw—hindi pa rin ba sila makikilatis ng mga tao? Ang gayong mga indibidwal ba ay sumusunod sa Diyos o sumusunod sa politika? Ang ilang tao, na walang pagkilatis, ay madaling maililihis. Hindi alam ng mga taong ito na nakikibahagi sa politika kung ano ang katotohanan, at lalong hindi nila nauunawaan na ang gawain ng Diyos ay ang linisin ang mga tiwaling disposisyon ng mga tao at iligtas sila mula sa impluwensiya ni Satanas. Iniisip nila na ang pakikisali sa mga karapatang pantao at sa politika ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng pagpapahalaga sa katarungan at pagpapasakop sa Diyos. Ang pakikisali ba sa politika at mga karapatang pantao ay nangangahulugan na ang isang tao ay may katotohanang realidad? Nangangahulugan ba ito na ang isang tao ay nagpapasakop sa

Diyos? Gaano kahusay mo mang pinangangasiwaan ang mga karapatang pantao at politika, nangangahulugan ba ito na nalinis na ang iyong tiwaling disposisyon? Nangangahulugan ba ito na nalinis na ang iyong ambisyon at pagnanais na humawak ng kapangyarihan? Hindi maunawaan ng maraming tao ang mga isyung ito. Mukhang Kristiyano rin si Sun Yat-sen. Noong nasa panganib siya, nanalangin siya sa Diyos para iligtas siya. Ginugol niya ang buong buhay niya sa pakikibahagi sa rebolusyon—natanggap ba niya ang pagsang-ayon ng Diyos? Siya ba ay isang taong nagsagawa ng katotohanan at nagpasakop sa Diyos? Mayroon ba siyang patotoong batay sa karanasan sa pagsasagawa ng mga salita ng Diyos? Wala siya ng lahat ng ito. Matapos tawagin si Pablo, siya ay patuloy na nangaral ng ebanghelyo at nagdusa ng maraming paghihirap, subalit dahil hindi siya tunay na nagsisi, walang buhay pagpasok, paulit-ulit na ginawa ang mga parehong pagkakasala na dati na niyang ginagawa, at itinaas at pinatotohanan ang sarili niya sa bawat pagkakataon, naging anticristo siya at pinarusahan. Anuman ang mangyari, ang pananampalataya sa Diyos nang hindi tinatanggap ang katotohanan, ang palaging paghahangad ng kasikatan at katayuan, at ang palaging pagnanais na maging isang superman o isang dakilang tao ay lubhang mapanganib. Ang lahat niyong may mga pampolitikang pakay ay mga anticristo. Hindi madaling isusuko ng mga taong ito ang pagsasakatuparan sa kanilang mga pampolitikang adhikain at palagi silang maghahanap ng mga pagkakataon para maudyukan at makuha ang mga mananampalataya bilang kanilang pampolitikang puwersa. Kung isang araw ay makikita nila na ang mga mananampalataya ay hindi madaling pagsamantalahan, na ang mga mananampalataya ay nagmamahal at naghahangad lang sa katotohanan, at na sumusunod lang ang mga ito kay Cristo at hindi sa mga tao, saka lang nila ganap na isusuko ang mga mananampalatayang ito.

Sa ugat, ang isipan ng mga tao na may mga pampolitikang pakay ay ganap na okupado ng mga ideyang may kaugnayan sa politika—kapangyarihan at impluwensiya, pamamahala, mga sabwatan, mga pamamaraan sa politika, at iba pa. Hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos, kung ano ang pananalig, kung ano ang katotohanan, at lalong hindi kung paano magpasakop sa Diyos. Hindi rin nila nauunawaan kung ano ang kalooban ng Langit. Ang mga prinsipyo nila sa pananatiling buhay ay “Mapagtatagumpayan ng tao ang kalikasan” at “Ang kapalaran ng isang tao ay nasa kanyang kamay.” Samakatwid, ang subukang baguhin ang gayong mga tao ay imposible at isa itong kahangalan. Madalas na nagpapakalat ang mga taong ito ng mga pampolitikang pananaw sa mga kapatid sa iglesia, hinihimok silang makisali sa mga pampolitikang gawain at makilahok sa politika. Napakalinaw na ang layon nila sa pananampalataya sa Diyos ay inuudyukan ng mga pampolitikang pakay. Mabilis at madaling makikilatis ng iba ang diwang ito. Ang mga tao na ito ay ganap na mangmang tungkol sa pananalig, pagtahak sa tamang landas, at pagpapasakop sa kalooban ng Langit—naniniwala sila na ang mga kaisipan at landas ng sinumang tao ay maaaring mabago gamit ang mga pampolitikang taktika, at lalong naniniwala sila na ang kapalaran

ng isang tao ay maaaring mabago sa pamamagitan ng mga pamamaraan at diskarte ng tao. Samakatwid, ganap na mangmang sila tungkol sa malalim subalit halatang mga usapin ng mga batas ng kalikasan na nilikha ng Diyos at sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa kapalaran ng tao; hindi sila dalubhasa pagdating sa mga bagay na ito at hindi talaga nila maunawaan ang mga ito. Ano ang ibig Kong sabihin sa pagsasabi nito? Kung makahanap ka ng sinuman na ang layon para sa pananampalataya sa Diyos ay inuudyukan ng mga pampolitikang pakay, talagang hindi mo siya dapat subukang baguhin o hikayatin, at hindi kailangang makipagbahaginan sa kanya ng napakaraming katotohanan. Bukod sa pag-iingat laban sa kanya, dapat mong ipaalam sa mga lider ng iglesia sa iba't ibang antas o sa mga maaasahang kapatid ang tungkol sa kanya sa lalong madaling panahon, at pagkatapos ay humanap ng paraan para patalsikin siya sa iglesia. Hindi ka dapat palihim at tahimik na mag-ingat laban sa kanya nang hindi ito ipinaaalam sa iba. Kaya, anong uri ng mga tao ang maaaring magkaroon ng kaunting pagkilatis kaugnay sa mahihilig magsalita tungkol sa politika at may mga pampolitikang pakay? Ito ba ay ang mas matatandang tao o ang mga mas batang tao? Ito ba ay ang mga brother o mga sister? (Ang mas matatandang brother.) Tama iyan; ang mas matatandang brother, ibig sabihin, iyong mga may karanasan sa lipunan, nagkaroon ng ugnayan sa politika, o nakaranas ng politikal na pang-uusig—mga taong may kabatiran sa mga ganitong usapin—ay may kakayahang maunawaan nang medyo malinaw ang mga isyung pampolitika. Natural, makakapagsagawa sila ng kaunting pagkilatis sa mga nakikibahagi sa politika, at sa partikular, kaya nilang makita ang mga ambisyon at pagnanais ng mga ito, pati na ang mga kaisipan, pananaw, pangarap, at mga adhikain ng mga ito nang medyo may kalinawan. Samakatwid, medyo mas mabilis nilang makikilatis ang mga taong ito kumpara sa iba. Kapag nakilatis ng isang tao na ang mga taong ito ay may mga pampolitikang pakay at mga hindi mananampalataya, dapat silang mag-ingat laban sa mga ito at ilantad ang mga hindi mananampalatayang ito. Kasabay nito, dapat din nilang protektahan ang mga hangal at mangmang na tao na hindi nauunawaan ang katotohanan, pinipigilan sila na mailihis at mapagsamantalahan, at mula sa di-sinasadyang pagbubunyag ng ilan sa mga panloob na impormasyon ng iglesia. Kinakailangan na magbigay ng impormasyon sa mga lider ng iglesia at talakayin ang usaping ito sa kanila, at na ipaalam sa mas maraming mas matatandang tao o iyong mga nakauunawa ng kaunting katotohanan at may kaunting tayog para mag-ingat laban sa mga taong ito na may mga pampolitikang pakay, sa lalong madaling panahon. Mahalaga na tulungan ang iba na makita nang malinaw ang diwa ng mga taong ito bilang mga hindi mananampalataya, sa gayon ay mapoprotektahan ang mga hangal at mangmang na kapatid mula sa pananamantala ng mga ito. Kung hindi mo maunawaan nang malinaw ang mga usaping ito at wala kang pagkilatis, kapag may nakipag-usap at nakipagkuwentuhan sa iyo na ilang mapaminsala, tuso, at mapanlinlang na tao, kusang-loob mong ibubunyag ang mga detalye ng iyong tunay na sitwasyon at lahat ng nalalaman mo nang hindi man lang tinatanong, di-sinasadyang nagiging isang Judas.

May gayon bang mga tao? (Oo.) Kapag nagsasalita ka, hindi mo alam kung ano ang layon na kinikimkim ng ibang tao at tinatrato mo siya bilang kapatid, sinasabi sa kanya ang lahat ng nasa puso mo nang hindi mo namamalayan—pagkatapos mong magsalita, hindi mo alam kung anong mga kahihinatnan ang mangyayari. Kapag nakikita mo ang iba na nag-iingat sa kanilang sarili laban sa gayong mga tao, sinasabi mong, “Masyado kang maingat. Ano ang dapat itago sa pagitan ng magkakapatid?” Hindi mo napagtatanto kung bakit hindi nagsasalita ang iba—ito ay tinatawag na pagiging hangal.

Ang mga taong may mga pampolitikang pakay ay tiyak ding mga hindi mananampalataya dahil hindi nila minamahal ang katotohanan at hindi nila tatanggapin ang katotohanan. Kahit na nananampalataya sila sa Diyos, sila ay ganap na nabibilang sa kategorya ng masasamang tao na mga anticristo. Sa katunayan ang pag-iingat laban sa gayong mga tao ay ang pinakapasibong pamamaraan. Ang maagap na pamamaraan ay ang tuklasin sila nang maaga, at pangasiwaan at patalsikin sila sa lalong madaling panahon, para maiwasang magdulot ng anumang suliranin sa iglesia at sa mga kapatid. Dahil kayang maimpluwensiyahan ng mga taong ito ang iba anumang oras at saanman sa loob ng iglesia at kayang wasakin ang normal na kaayusan ng iglesia anumang oras at sa anumang sitwasyon, huwag patuloy na magparaya o magpasensiya sa gayong mga hindi mananampalataya. Huwag na silang bigyan ng isa pang pagkakataon para magsisi; huwag maging hangal. Pagkatuklas sa kanila, dapat silang patalsikin sa lalong madaling panahon para maiwasan ang kasawian sa hinaharap. Ang layon sa paggawa nito ay para mapigilan iyong mga hindi naghahangad sa katotohanan na mailihis at magamit, na maging mga papet ni Satanas at ng masasamang demonyo. Siyempre, ang dapat mong gawin sa sandaling ito ay pigilan iyong mga may pampolitikang pakay na malaman ang anumang mahalagang impormasyon tungkol sa iglesia. Kung mas maaga mo silang makikilatis at mapapatalsik, mas kaunti ang magiging pakikipag-ugnayan ng mga kapatid sa kanila, at mas hindi sila mailililihis at maiimpluwensiyahan ng mga ito. Samakatwid, pagdating sa tiyempo, mas mabuting pangasiwaan at patalsikin ang gayong mga tao nang mas maaga kaysa sa huli na—mas maaga, mas mabuti. Ang pagiging maagap ay mas mabuti kaysa sa pagiging pasibo. Ang mga taong may mga pampolitikang pakay ay may masasamang intensyon; hindi posibleng magkaroon sila ng anumang pagiging taos-puso sa paggawa ng anuman para sa iglesia at para sa sambahayan ng Diyos. Kung hindi nila kayang ilihis o gamitin ang mga kapatid, ganap silang mapapahiya at kusang-loob na lilisanin ang iglesia, nang hindi man lang nagpapaalam. Dito nagtatapos ang ating pagbabahaginan tungkol sa ikawalong layon sa pananampalataya sa Diyos: para hangarin ang mga pampolitikang pakay.

Oktubre 30, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (24)

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikatlong Bahagi)

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

I. Batay sa Layon ng Isang Tao sa Pananampalataya sa Diyos

Noong huling pagtitipon, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo." Batay sa nilalaman ng responsabilidad na ito, ibinuod natin ang iba't ibang pagpapamalas ng iba't ibang tao sa iba't ibang sitwasyon, at pagkatapos ay kinilatis ang iba't ibang indibidwal na ito batay sa kanilang mga pagpapamalas. Sa pamamagitan ng pagkilatis sa mga indibidwal na ito, nilayon nating malinaw na matukoy iyong masasamang tao na kailangang kilatisin at paalisin ng sambahayan ng Diyos—ibig sabihin, iyong mga hindi pinahihintulutang manatili sa sambahayan ng Diyos at mga target na mapaalis. Noong nakaraang dalawang pagkakataon, pinagbahaginan natin ang pagkilatis at pagkakategorya ng iba't ibang uri ng masasamang tao sa pamamagitan ng tatlong aspekto. Ngayon naman, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan sa iba't ibang detalye tungkol sa pagkakategorya ng iba't ibang uri ng masasamang tao sa pamamagitan ng tatlong aspektong ito. Una, basahin ang ikalabing-apat na responsabilidad at ang tatlong partikular na kategoryang nakalista rito. (Ang ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo." Una, ang layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos; ikalawa, ang pagkatao ng isang tao; ikatlo, ang saloobin ng isang tao sa kanyang tungkulin.) Pagkatapos magbasa, naaalala ba ninyo ang ilang pangunahing nilalaman mula sa naunang dalawang pagbabahaginan? (Oo.) Balikan muna natin ang nilalaman ng huli nating pagbabahaginan. (Noong nakaraan, nakipagbahaginan ang Diyos tungkol sa layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos, sinasaklawan ang ikaapat hanggang ikawalong punto ng paksang ito: ikaapat, para makibahagi sa oportunismo; ikalima, para maging palamunin ng iglesia; ikaanim, para maghanap ng kanlungan; ikapito, para maghanap ng tagasuporta; ikawalo, para hangarin ang mga pampolitikang pakay.) Tinalakay ang limang puntong ito sa huling pagbabahaginan. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga pangunahing pagpapamalas at sa naibunyag na mga tiwaling diwa ng limang uring ito ng mga tao, batay sa mga pag-uugali nila at mga intensyon nila at mga layon sa pananampalataya sa Diyos, gayundin sa mga palagi nilang hinihingi sa Diyos, dapat bang ituring ang mga tao na ito na mga kapatid at panatilihin sa

iglesia? (Hindi, ang gayong mga tao ay dapat alisin, dahil ang pananampalataya nila sa Diyos ay hindi para hangarin ang katotohanan o hangarin ang kaligtasan. Lahat sila ay may mga personal na intensyon at pakana, umaasang makakukuha sila ng mga kalamangan para sa sarili nila at magkakamit ng mga benepisyo sa sambahayan ng Diyos. Hindi sila mga tao na tunay na nananampalataya sa Diyos; lahat sila ay mga hindi mananampalataya.) Kung hindi paaalisin sa iglesia ang mga hindi mananampalataya, anong kapahamakan ang maaari nilang maidulot sa gawain ng iglesia at sa mga kapatid? (Hindi sila kumakain o umiinom ng salita ng Diyos ni dumaranas ng gawain ng Diyos; nananatili sila sa iglesia nang hindi tinatanggap ang katotohanan. Bukod pa rito, nakapagbubulalas sila ng pagkanegatibo at mga kuru-kuro, at sa gayon ay nagdudulot ng mga panggugulo at paggambala, at gumaganap ng isang negatibong papel.) Ang mga pagpapamalas na ito ay nakikita, sa pangkalahatan, ng mga tao.

Batay sa mga pagpapamalas ng limang uri ng mga tao na tinalakay sa huling pagbabahaginan, may pareho bang katangian ang mga taong ito? (Mayroon.) Ano ang pareho nilang katangian? (Lahat ng taong ito ay mga hindi mananampalataya.) (Hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, hindi naniniwala sa katotohanan, at hindi interesado sa katotohanan.) Tumutukoy ito sa diwa nila. Dahil hindi sila naniniwala sa katotohanan, hindi nila tatanggapin ang katotohanan. Ang diwa ng mga hindi talaga tinatanggap ang katotohanan ay sa isang hindi mananampalataya. Ano ang mga tanda ng mga hindi mananampalataya? Nananampalataya sila sa Diyos para makibahagi sa oportunismo, para maging palamunin ng iglesia, para makaiwas sa mga sakuna, makahanap ng suporta at ng tuloy-tuloy na pagkakakitaan. Ang ilan pa nga sa kanila ay naghahangad ng mga politikal na pakay, gustong magkaroon ng koneksiyon sa gobyerno sa pamamagitan ng ilang usapin para magkamit ng pabor at makakuha ng opisyal na katungkulan. Ang gayong mga tao ay mga hindi mananampalataya, bawat isa sa kanila. Dala-dala nila ang mga motibo at mga intensyong ito sa kanilang pananampalataya sa Diyos, at sa puso nila ay hindi sila naniniwala nang may buong katiyakan na mayroong Diyos. Kahit na kinikilala nila Siya, ginagawa nila ito nang may pag-aalinlangan, dahil ang pananaw na kanilang pinanghahawakan ay mala-ateista. Naniniwala lamang sila sa mga bagay na nakikita nila sa materyal na mundo. Bakit natin sinasabing hindi sila naniniwala na mayroong Diyos? Sapagkat pare-parehas nilang hindi pinaniniwalaan o kinikilala ang mga katunayan na nilikha ng Diyos ang langit at lupa at lahat ng bagay, at na nang matapos likhain ang sangkatauhan ang Diyos ay patuloy na namumuno sa kanila at may kataas-taasang kapangyarihan Siya sa kanila. Kaya, imposibleng maniwala sila sa katunayan na puwedeng maging tao ang Diyos. Kung hindi sila naniniwala na puwedeng maging tao ang Diyos, kaya ba nilang paniwalaan at kilalanin ang lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos? (Hindi nila kaya.) Kung hindi sila naniniwala sa mga katotohanang ipinapahayag ng Diyos, naniniwala ba silang maililigtas ng Diyos ang sangkatauhan at naniniwala ba sila sa Kanyang plano ng pamamahala na iligtas ang sangkatauhan? (Hindi sila naniniwala.) Hindi sila naniniwala sa alinman sa mga ito. Ano ang ugat ng

kanilang kawalang-paniniwala? Ito ay na hindi sila naniniwala na umiiral ang Diyos. Sila ay mga ateista at materyalista. Naniniwala silang ang mga bagay lamang na nakikita nila sa materyal na mundo ang totoo. Naniniwala sila na ang kasikatan, pakinabang, at katayuan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng mga pakana at hindi magagandang paraan. Naniniwala silang ang tanging paraan para umunlad at mamuhay nang masaya ay mamuhay ayon sa mga satanikong pilosopiya. Naniniwala silang ang kapalaran nila ay nasa kanilang sariling mga kamay lamang, at na dapat silang umasa sa sarili para makalikha at magtamo ng masayang buhay. Hindi sila naniniwala sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos o sa Kanyang pagkamakapangyarihan-sa-lahat. Iniisip nilang kapag umasa sila sa Diyos, hindi sila magkakaroon ng anuman. Sa huli, hindi sila naniniwalang maisasakatuparan ng mga salita ng Diyos ang lahat ng bagay, at hindi sila naniniwala sa pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng Diyos. Kaya naman, ang mga intensyon at pakay, tulad ng pakikibahagi sa oportunismo, pagiging palamunin ng iglesia, paghahanap ng kanlungan, paghahanap ng tagasuporta, pakikipagkaibigan sa mga taong kasalungat na kasarian, at paghahangad ng mga politikal na pakay—pagtatamo ng opisyal na posisyon at ng tuloy-tuloy na pinagkakakitaan para sa kanilang sarili—ay lumilitaw sa pananampalataya nila sa Diyos. Dahil mismo ang mga taong ito ay hindi naniniwalang naghahari ang Diyos nang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat kaya nagagawa nilang mapangahas at walang-pakundangang pasukin ang iglesia nang may sarili nilang mga intensyon at pakay, nagnanais na gamitin ang kanilang mga talento o tuparin ang kanilang mga kahilingan sa iglesia. Nangangahulugan ito na pinapasok nila ang iglesia para matugunan ang intensyon at pagnanais nilang magtamo ng mga pagpapala; gusto nilang magkamit ng kasikatan, pakinabang, at katayuan sa iglesia, at sa paggawa niyon ay magkakaroon sila ng tuloy-tuloy na pagkakakitaan. Makikita sa pag-uugali nila, pati sa kalikasang diwa nila, na ang mga pakay, motibo, at intensyon nila sa pananampalataya sa Diyos ay hindi wasto, at na wala sa kanilang tumatanggap sa katotohanan o sinserong nananampalataya sa Diyos—kahit na pasukin man nila ang iglesia, pinupuno lang nila ang mga upuan, wala silang anumang nagiging positibong papel. Kaya naman, hindi dapat tanggapin ng iglesia ang gayong mga tao. Kahit na nakapasok na ang mga taong ito sa iglesia, hindi sila hinirang na mga tao ng Diyos, bagkus ay nakapasok sila dahil sa mabubuting layunin ng ibang tao. “Hindi sila hinirang na mga tao ng Diyos”—paano ito dapat bigyang-kahulugan? Ibig sabihin nito ay hindi sila paunang itinalaga at hinirang ng Diyos; hindi Niya sila itinuturing bilang mga pakay ng Kanyang gawain; ni hindi Niya sila paunang itinalaga bilang mga taong Kanyang ililigtas. Kapag ang mga taong ito ay nakapasok na sa iglesia, natural na hindi natin sila maaaring ituring bilang mga kapatid, dahil hindi sila ang mga tunay na tumatanggap sa katotohanan o nagpapasakop sa gawain ng Diyos. Maaaring itanong ng ilan, “Dahil hindi sila mga kapatid na tunay na nananampalataya sa Diyos, bakit hindi sila pinapaalis o pinapatalsik ng iglesia?” Layunin ng Diyos na ang mga taong Kanyang hinirang ay matuto ng pagkilatis mula sa mga taong ito at sa gayon ay makilatis ang mga pakana ni

Satanas at tanggihan si Satanas. Kapag ang mga taong hinirang ng Diyos ay nagkaroon na ng pagkilatis, dapat na alisin ang mga hindi mananampalatayang ito. Ang layon ng pagkilatis ay ilantad ang mga hindi mananampalatayang ito na nakapasok sa sambahayan ng Diyos nang may mga ambisyon at pagnanais nila at paalisin sila sa iglesia, dahil ang mga taong ito ay hindi mga totoong mananampalataya sa Diyos, at lalong hindi sila mga taong tumatanggap at naghahangad sa katotohanan. Walang mabuting idudulot ang pananatili nila sa iglesia—kundi malaking pinsala ang mangyayari. Una sa lahat, matapos nilang mapasok ang iglesia, ang mga hindi mananampalatayang ito ay hindi kailanman kumakain o umiinom ng mga salita ng Diyos at hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Palagi nilang tinatalakay ang ibang bagay maliban sa mga salita ng Diyos at katotohanan, ginugulo nila ang puso ng ibang tao. Gagambalain at guguluhin lamang nila ang gawain ng iglesia, sa kapinsalaan ng buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Pangalawa, kung mananatili sila sa iglesia, manggugulo sila habang gumagawa ng masasamang gawa, tulad lamang ng mga walang pananampalataya, na gagambalain at guguluhin ang gawain ng iglesia, at isasailalim ang iglesia sa maraming nakatagong panganib. Pangatlo, kahit na manatili sila sa iglesia, hindi sila kusang-loob na kikilos bilang mga tagapagserbisyo, at kahit na maaaring magserbisyo sila nang kaunti, ito ay para lamang magkamit ng mga pagpapala. Kung sakaling dumating ang araw na malaman nilang hindi sila makakapagkamit ng mga pagpapala, magwawala sila sa galit, guguluhin at pipinsalain ang gawain ng iglesia. Sa halip na kunsintihin iyon, mas mabuting paalisin sila sa iglesia sa lalong madaling panahon. Pang-apat, ang mga hindi mananampalatayang ito ay malamang na bumuo ng mga paksiyon, at sumuporta at sumunod sa mga anticristo, na lumilikha ng isang masamang puwersa sa loob ng iglesia na nagdudulot ng malaking banta sa gawain nito. Batay sa apat na pagsasaalang-alang na ito, kinakailangang kilatisin at ilantad ang mga hindi mananampalatayang ito na nakapasok sa sambahayan ng Diyos, at pagkatapos ay paalisin sila. Ito lamang ang paraan para mapanatili ang normal na pag-usad sa gawain ng iglesia, at epektibong mapangalagaan na ang hinirang na mga tao ng Diyos ay makakain at makainom ng mga salita ng Diyos at makapamuhay ng buhay iglesia nang normal, at nang sa gayon ay makapasok sa tamang landas ng pananampalataya sa Diyos. Ito ay dahil ang pagpasok ng mga hindi mananampalatayang ito sa iglesia ay malaking kapinsalaan sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Maraming taong hindi sila kayang kilatisin, kundi sa halip ay itinuturing sila bilang mga kapatid. Ang ilang tao, na nakikitang may kaunti silang kaloob o kalakasan, ay pinipili silang magsilbi bilang mga lider at manggagawa. Ganito lumilitaw ang mga huwad na lider at mga anticristo sa iglesia. Kung titingnan ang kanilang diwa, makikita na wala sa kanila ang naniniwala na umiiral ang Diyos, o na ang Kanyang mga salita ay ang katotohanan, o na Siya ay naghahari nang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Sila ay mga walang pananampalataya sa mata ng Diyos. Hindi Niya sila pinapansin, at hindi gagawa sa kanila ang Banal na Espiritu. Kaya, batay sa kanilang diwa, hindi sila ang mga pakay ng pagliligtas ng Diyos, at siguradong

hindi Niya sila paunang itinalaga o hinirang. Imposibleng iligtas sila ng Diyos. Paano man ito tingnan ng iba, wala sa mga hindi mananampalatayang ito ang hinirang na mga tao ng Diyos. Dapat silang agaran at tumpak na kilatisin, at pagkatapos ay paalisin. Hindi sila dapat payagang umali-aligid sa iglesia na ginugulo ang iba. Ang mga hindi mananampalatayang ito ay pumapasok sa iglesia nang may iba't ibang balak at motibo, at maaaring hindi mo sila matukoy o makilatis sa simula. Gayumpaman, habang tumatagal, habang mas madalas kang nakikisalamuha at nakikitungo sa kanila, lalo mo silang mauunawaan, at lalo mong makikita nang malinaw ang iba't ibang pagpapamalas na nagpapahiwatig na sila ay mga hindi mananampalataya. Kapag nagkagayon, hindi ba't mas madali na silang makilatis batay sa mga salita ng Diyos? (Oo.) Kung lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos ay kayang makilatis ang mga hindi mananampalataya, kung gayon, oras na para ibunyag at paalisin sila. Anuman ang kanilang karakter, katayuan sa lipunan, o gaano man kataas ang kanilang senyoridad sa iglesia, kung matapos ang ilang taon ng pakikinig sa mga sermon ay hindi pa rin nila matanggap ang katotohanan at puno pa rin sila ng mga kuru-kuro tungkol sa Diyos, nabunyag na sila bilang mga hindi mananampalataya. Kung isasaalang-alang ang mga pakay at pagpapamalas nila sa pananampalataya sa Diyos, walang duda na sila ang mga dapat paalisin o patalsikin. Ito ang gawain ng pag-aalis na dapat gawin ng isang iglesia sa bawat panahon.

Ang paksa ng layunin sa pananampalataya sa Diyos ay sumasaklaw sa walong punto, ibig sabihin, may walong uri ng mga tao na may mga pagpapamalas na sapat na para makilatis natin ang iba't ibang uri ng masasamang tao at pagkatapos ay makagawa ng mga wastong paglalarawan at mapangasiwaan nang naaayon ang mga ito. Sa madaling salita, ang walong uring ito ng mga tao ay hindi maaaring manatili sa iglesia. Maaaring magtanong ang ilang tao, "Ang bawat isa ba sa walong uring ito ng mga tao ay nagpapakita ng iisang uri lang ng pag-uugali?" Hindi naman sa ganoon ang kaso; ang layon ng ilang tao sa pananampalataya sa Diyos ay kinapapalooban ng apat o limang punto—sila ay naghahanap ng kanlungan, nagiging palamunin ng iglesia, nakikibahagi sa oportunismo, naghahangad ng mga pampolitikang pakay, at basta na lang naghahanap ng kasalungat na kasarian, pinapasok ang iglesia para walang-pagpiling akitin ang iba. Ang layon ng ilang tao sa pananampalataya sa Diyos ay maaaring sumaklaw sa dalawang punto—ang una ay ang hangarin na maging isang opisyal sa iglesia, at ang isa pa ay ang maghanap ng mga pagpapala sa pamamagitan ng oportunismo, o may ilang maaaring maghanap ng kasalungat na kasarian gayundin ay maging palamunin ng iglesia. Malinaw na pumupunta sa sambahayan ng Diyos ang mga taong ito para manamantala, nilalayong gamitin ang sambahayan ng Diyos o ang mga kapatid para tulungan silang matapos ang mga bagay-bagay, upang magsikap para sa kanila; para makamit nila ang kanilang mga pakay at matugunan ang kanilang mga kahilingan, ginagawa nila ang lahat ng posibleng paraan para paglingkurin nila ang mga kapatid para sa kanila. Sa madaling salita, ang malinaw na pakay ng mga hindi mananampalataya at mga oportunistang ito na pinasok ang iglesia at dapat na mapaalis o mapatalsik sa pagpunta nila sa

sambahayan ng Diyos ay ang maging pabigat at samantalahin ang sitwasyon para sa sarili nilang kapakinabangan. Sa pananalita o mga pagkilos man nila, ang pakay nila ay palaging malabong makikilatis. Hinding-hindi tinatanggap ng mga taong ito ang katotohanan at wala silang interes sa katotohanan; minsan ay nagpapakita pa nga sila ng mga pakiramdam at saloobin ng pagkasuklam at paglaban. Anumang tungkulin ang isaayos ng iglesia para sa kanila, may pag-aatubili lang silang nakikipagtulungan kung kapaki-pakinabang ito sa kanila. Kung wala itong pakinabang sa kanila, may paglaban sa kalooban nila at nagpapakita sila ng pagiging negatibo at pasibo, at maging ng pagkasuklam at pagtanggi. Gumagawa sila ng kaunting gawain kung mayroon lang itong pakinabang; kung wala, iniiwasan o pasibong iniraraos nila ito. Sa mahahalagang sandali ng gawain, nakikipagtaguan sila, naglalaho at pinababayaan ang gawain ng iglesia. Mula sa mga pagpapamalas na ito, malinaw na ang pananampalataya nila sa Diyos ay para lang maging pabigat; maging ang paggamit sa kanila para magserbisyo ay nagdudulot ng mas maraming kapahamakan kaysa kabutihan.

I. Para Magmanman sa Iglesia

Ngayon, pagbabahaginan natin ang huling punto sa paksa ng layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos. Maliban sa nauna nang nabanggit na walong punto, may isa pang uri ng tao na ang pakay at intensyon sa pananampalataya sa Diyos ay hindi wasto. Ano ang ipinagkaiba nila sa mga nabanggit sa itaas na inuudyukan lang ng mga benepisyo, ginagawa ang makakaya nila para hangarin ang kasikatan, pakinabang, at katayuan? Ang ganitong uri ng tao ay hindi pumapasok sa iglesia para maging isang opisyal, para sa katayuan o tuloy-tuloy na pagkakakitaan, o para mapagaan ang kanilang buhay, at iba pa; mayroon silang isang pakay na mahirap matuklasan ng mga ordinaryong tao. Ano ang pakay na ito? Ito ay para manmanan at kontrolin ang iglesia. Ang pagmanman sa iglesia ang ikasiyam na punto sa paksa ng layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos. Ang mga tao na ito ay pumapasok sa iglesia na may gampaning manmanan ito, nilalayong kontrolin ang daloy ng pag-unlad ng iglesia. Ang mga taong nagpapadala sa kanila, ang kanilang mga nakatataas o amo, ay maaaring kumatawan sa pamahalaan, sa isang partikular na relihiyosong grupo, o isang organisasyon sa lipunan. Dahil sila ay hindi pamilyar sa iglesia, puno ng pagkamausisa, at nababahala pa nga tungkol sa paglitaw, pagkakabuo, at pag-iral ng iglesia, may intensyon silang malalim na unawain ang iglesia, alamin ang tungkol sa estruktura ng iglesia, ang gawain, at iba't ibang sitwasyon nito. Samakatwid, may ilang tao na ipinadadala sa iglesia para magsagawa ng trabaho ng pagmanman. Iyong mga nagsasagawa ng trabaho ng pagmanman sa iglesia, nagmula man sila sa pamahalaan, mga relihiyosong grupo, o anumang organisasyong panlipunan, ay may layon sa pananampalataya sa Diyos na ganap na naiiba mula sa layon ng mga totoong kapatid. Hindi sila narito para tanggapin ang pagliligtas ng Diyos; hindi sila pumarito para tanggapin ang mga salita ng Diyos, ang katotohanan, at ang pagliligtas ng Diyos batay sa pananampalataya at pagkilala sa

Diyos. Ang pananampalataya nila sa Diyos ay may kasamang mga pampolitikang pakay o isang gampaning ibinigay ng anumang organisasyon. Kaya, ang pagmanman sa iglesia ay parehong pakay nila sa pagpasok sa iglesia at sa pananampalataya sa Diyos, at isang gampaning itinalaga ng kanilang mga nakatataas; ito ay isang trabaho na ginagawa nila para sumweldo sila.

Para sa mga pumapasok sa iglesia para manmanan ito, ano ba ang minamanmanan nila? Minamanmanan nila ang maraming aspekto, tulad ng mga katuruan ng iglesia, mga layunin nito, kung ano ang itinataguyod nito, ang gawain nito, at ang mga kaisipan at pananaw ng mga miyembro nito, tinatasa kung makapagdudulot ba ito ng anumang pinsala sa pamahalaan, mga relihiyon, o lipunan. Sinisiyasat nila ito para sa anumang pahayag na kontra sa lipunan, kontra sa pamahalaan, o kontra sa estado pagdating sa pananalita. Pagdating naman sa mga katuruan, minamanmanan nila kung ano ba mismo ang mga ideyang itinataguyod ng iglesia. Maaaring hindi maging madali sa iyo na matuklasan ang mga indibidwal na ito kapag pinapasok nila ang iglesia dahil maaaring nakikinig sila nang mabuti at seryosong nagtatala nang hindi nakakatulog tuwing may mga pagtitipon. Maaari pa ngang taimtim nilang ibinubuod ang mga sinasabi ng iba't ibang indibidwal sa bawat pagtitipon, sa huli ay ibinubuod at ikinakategorya ang iba't ibang kaisipan at pananaw ng iba't ibang tao para makita kung alin ang umaayon sa mga interes at hinihingi ng pambansang pamahalaan, at kung alin ang nakasasama sa pamamahala ng estado, salungat sa pamahalaan, at iba pa. Maaaring metikuloso nilang ibuod at ikategorya ang malalalim na pananaw na ito ng mga miyembro ng iglesia, nagtatala. Bakit nila ginagawa ito? Dahil ito ang trabaho nila, ang gampanin nila; dapat silang mag-ulat sa kanilang mga nakatataas. Ito ang unang bahagi ng trabaho nila: ang maarok ang mga katuruan ng iglesia at ang mga ideolohikal na ingklinasyon ng lahat ng miyembro nito. Sa sandaling paniwalaan nila na ang mga ingklinasyong ito ay naglalaman ng mga elementong nakasasama sa lipunan o sa estado, o kung pinaniniwalaan nilang lumilitaw ang ilang radikal na kaisipan at pananaw, kaagad nilang iuulat at sasabihin ito sa kanilang mga nakatataas para maisagawa ang mga naaangkop na hakbang. Ang nilalayon nilang unang maunawaan ay ang mga katuruan ng iglesia—isa ito sa mga pangunahing trabaho nila sa pagmanman sa iglesia—kasunod ay ang impormasyon tungkol sa mga tauhan ng iglesia. Halimbawa, nangangalap sila ng impormasyon sa kung sino ang mga nakatataas na lider ng iglesia, pati na ang tirahan, edad, itsura, antas ng pinag-aralan, mga interes at libangan, mga kalagayang pangkalusugan ng mga ito, kung ano ang pinag-uusapan ng mga ito sa pang-araw-araw na buhay, kung saan nagpupunta ang mga ito, anong trabaho ang ginagawa ng mga ito, gayundin kung anong oras nagtatrabaho araw-araw ang mga ito at ang nilalaman ng trabaho ng mga ito. Tinitingnan ng mga nagmamanman kung ang mga lider na ito ay gumawa ba ng anumang pahayag o nagsagawa ng anumang pagkilos na laban sa pamahalaan, laban sa mga relihiyon, o laban sa mga kalakaran ng lipunan, gayundin ang mga reaksiyon ng mga lider na ito sa sistema ng pamamahala at sa mga kasalukuyang nangyayari sa

politika sa bansa, bukod pa sa ibang mga bagay. Ang lahat ng ito ay aspekto na nilalayong arukin niyong mga nagmamanman sa iglesia. Dagdag pa rito, patuloy rin nilang binibigyang-pansin ang estruktura at administratibong estruktura ng iglesia. Halimbawa, minamatyagan nila kung sino ang mga lider at manggagawa ng iglesia, kung anong antas ng mga lider ang tinanggal, kung anong mga pagsasaayos ang ginawa para sa mga ito matapos tanggalin, kung sinong mga lider ang inaresto, at kung sino ang humalili sa gawain ng mga ito pagkatapos. Nangangalap sila ng mga impormasyon tungkol sa edad, kasarian, tagal ng pananampalataya sa Diyos, at antas ng pinag-aralan ng kahalili, at—kung may mga talento ba ang mga ito at nagtapos sa unibersidad—kung mayroon ba itong anumang negatibong epekto sa bansa o lipunan, at kung maaari kaya itong kuning magtrabaho sa mga kagawaran ng pamahalaan, bukod pa sa ibang partikular na impormasyon. Gusto pa nga nilang malaman ang mga partikular na lider ng iglesia na magsisimula o tinatanggal sa posisyon nila. Ibig sabihin, ang estado ng mga tauhan, partikular na gawaing administratibo, at ang estruktura ng iglesia ay pawang aspektong nilalayon nilang maging pamilyar sa kanila. Bukod pa rito, nilalayon nilang ganap na maarok ang impormasyon tungkol sa kung gaano karaming aytem ng gawain mayroon sa iglesia, ilang grupo ang mayroon, at ang mga detalye ng mga superbisor ng bawat grupo, bukod pa sa ibang mga bagay. Nag-iikot-ikot sila para magtanong, magmasid, at matuto, isinasagawa ang trabaho nila nang labis na detalyado. Ang trabahong dapat gawin at gampaning dapat isakatuparan ng ganitong uri ng mga tao na pinapasok ang iglesia ay ang kaagad na maarok ang lahat ng aspekto ng sitwasyon ng iglesia at ang iba't ibang nangyayari dito para makamit ang layunin ng pagmanman sa iglesia. Kinapapalooban ito, halimbawa, ng kung paano umuunlad ang iglesia sa labas ng bansa, ilang bansa na ang napalaganapan ng ebanghelyo, at sa aling mga bansa itinatag ang mga iglesia—kailangan nilang maarok ang lahat ng detalyeng ito. Ang mga ito ang mga pangunahing gampaning isinasakatuparan nila sa pagmanman sa iglesia: Una, ang arukin ang mga katuruan ng iglesia; ikalawa, ang arukin ang sitwasyon ng mga tauhan ng iglesia; at ikatlo, ang arukin ang estado ng gawain ng iglesia at ang mahahalagang dynamics rito kamakailan. Ganap silang kumikilos bilang mga kasabwat at alipores ni Satanas, ng malaking pulang dragon; sila ay tunay na mga alipin ni Satanas.

Ang ganitong uri ng mga tao na nagmamanman sa iglesia ay pinapasok ang iglesia para sa pakay na maarok ang impormasyong nauugnay sa mga katuruan ng iglesia, mga tauhan, mga kalakaran sa gawain ng iglesia, laki ng iglesia, at iba pang aspekto. Nilalayon nilang arukin ang bawat isa sa mga aspektong ito at pagkatapos ay iulat ang mga ito sa kanilang mga nakatataas, na maaaring, sa anumang oras, ay bumuo ng mga kaukulang plano sa patakaran o mga hakbang para harapin ang iglesia batay sa sitwasyon. Sa madaling salita, tiyak na hindi mabuti ang pakay nila sa pagmanman sa iglesia. Kung hindi, bakit pa rin nila minamanmanan ang iglesia, gayong hindi naman ito nagdudulot sa kanila ng yaman o benepisyo? Hindi ba't dahil ito sa nababahala sila sa pag-iral ng iglesia? Hindi sila naniniwala na ang iglesiang itinatag at pinangungunahan

ng Diyos ay binubuo ng mga taong dalisay na nananampalataya sa Diyos, na walang kaugnayan sa estado, lipunan, o mga pampolitikang grupo at organisasyon. Subalit gaano man nila siyasatin ang iglesia, patuloy pa rin silang nababahala. Bakit? Dahil sila ay mga ateista, hindi kumikilala sa Diyos, at namumuhi rin sa katotohanan. Samakatwid, kaya nilang magsagawa ng mga hangal at kakatwang pagkilos tulad ng pang-aapi at pag-aresto sa mga mananampalataya, pati na rin ang pagmanman sa iglesia. Bakit sila gumagamit ng mga hakbang sa pagmanman at paglaban sa iglesia? Dahil ang pinakamalaking pangamba nila ay na ang masyadong paglaki ng iglesia at pagkakaroon nito ng napakaraming miyembro ay magkakaroon ng malaking epekto sa bansa, pamahalaan, at lipunan, at na magiging banta at impluwensiya pa nga ang mga ito sa mga tradisyonal na kultura at mga tradisyonal na relihiyosong grupo. Ito ang tunay na dahilan sa likod ng kanilang pagmanman at paglaban sa iglesia. Samakatwid, itinuturing nila ang pagmanman at paglaban sa iglesia bilang isang pampolitikang gampanin na dapat maisakatuparan.

Ang ganitong uri ng mga tao na nagmamanman sa iglesia ay maaaring mahirap makilatis sa loob ng iglesia dahil may mga nakatagong motibo sila at malalim nilang ikinukubli ang sarili nila para hindi sila matuklasan ng iba. Kaya, maaaring makiayon sila sa nakararami sa iglesia, walang ginagawang anumang kakaiba, mukha talagang may magandang asal, at hindi kailanman nagpapahayag ng mga salungat na pananaw tungkol sa gawaing ginagawa ng iglesia. Gayumpaman, may katangian ang mga indibidwal na ito: Maligamgam sila sa pananampalataya sa Diyos, hindi masyadong aktibo o masyadong pasibo tungkol dito. Kaya nilang gawin ang ilan sa mga tungkuling itinalaga sa kanila, subalit hindi nila kailanman ibinubunyag ang mga personal nilang detalye, tulad ng kung saan sila nagtatrabaho, ang sitwasyon ng pamilya nila, o kung nanampalataya na sila sa Diyos noon. Kung may sinumang magbanggit ng pagtatrabaho sa isang kagawaran ng pamahalaan, labis silang umiiwas, iniiwasang magbigay ng anumang opinyon tungkol sa pamahalaan, politika, mga polisiya, o relihiyon. Ang pag-uugali nila ay mailalarawan na pag-iwas sa anumang sensitibong paksa; hindi nila pinupuna o pinupuri ang pamahalaan, ni tinatalakay ang mga polisiya nito o ang sistema ng pamamahala. Kapag may nagtukoy na ang isang indibidwal ay isang espiya, nagiging labis silang kabado at maaaring mabilis pa ngang tumayo para ipagtanggol ang sarili nila. Bukod sa pagiging kabado, mapapansin mo rin mula sa titig nila ang pagkahilig na umiwas sa mga gayong sensitibong paksa; iniiwasan nila ang sinumang maaaring makakita sa tunay nilang pagkatao. Bukod pa rito, madalas silang tumanggap ng mga tawag mula sa mga di-kilalang numero, o nakikisalamuha at nakikipag-ugnayan sila sa mga misteryosong indibidwal na hindi konektado sa iglesia, at sa sandaling sagutin nila ang isa sa mga tawag na ito, lumalayo sila mula sa iba. Kung may makakita man sa kanila sa mga oras na ito, halatang nagiging balisa sila, namumula, at mukhang labis na nababahala, natatakot na baka matuklasan ang pagkakakilanlan nila. Maliban sa patagong pangangalap ng impormasyon tungkol sa iglesia, nagtatanong-tanong din sila paminsan-minsan tungkol

sa kalagayan ng mga kapatid, nagtatanong ng mga bagay tulad ng, “Ilang taon ka nang nananampalataya sa Diyos? Nananampalataya ba ang mga magulang mo? Nasa mainland ba ang mga miyembro ng pamilya mo? Sa mga miyembro ng pamilya mo na nasa mainland, sino-sino ang nananampalataya sa Diyos, at ilang taon na? Ilang taon na sila? Ilang tao ang nasa inyong lokal na iglesia? Kumusta na sila ngayon?” Paminsan-minsan, naghahanap sila ng sensitibo at pribadong impormasyon na ayaw ibahagi ng mga tao. Sa mga pangkalahatang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga kapatid, walang sinuman ang sadyang o aktibong nagtatanong ng sensitibong personal na impormasyon kung ayaw ng isang tao na magbahagi. Gayumpaman, ang indibidwal na ito ay nagbibigay ng espesyal na pansin sa gayong mga usapin, at umaabot pa nga sa puntong minamatyagan niya ang mga galaw ng ilang lider at manggagawa o ng mga taong namamahala sa mahahalagang gawain, sinusubukang makuha ang datos na nasa mga kompyuter at cellphone ng mga taong ito o ang impormasyon tungkol sa kanilang tirahan, iginigiit na imbestigahang mabuti ang mga detalyeng ito. Kung mapansin niyang hindi dumalo ang isang lider sa isang pagtitipon, magtatanong siya, “Wala si Ganito-at-ganyan sa pagtitipon ngayon. Ano ba ang ginagawa niya?” Kung may magsasabing abala ang lider na ito, magtatanong pa siya: “Abala sa anong bagay? Dinidiligan ba niyang muli iyong mga bagong mananampalataya? Sino-sino ang bagong mananampalatayang iyon? Kailan sila nagsimulang manampalataya? Bakit hindi ko alam ang tungkol dito?” Patuloy siyang nag-iimbestiga nang husto. Sinasabi ng mga kapatid na, “Kung hindi natin dapat malaman, huwag tayong magtanong. Bakit kailangan pang patuloy na magtanong? Hindi naman ito tungkol sa buhay pagpasok, wala itong kinalaman sa katotohanan; hindi ito kailangang malaman.” Na sinasagot naman ng tagamanman ng, “Subalit ang mga ito ay mga usapin ng sambahayan ng Diyos, ng gawain ng iglesia; bakit hindi natin ito maaaring malaman? Nananampalataya tayong lahat sa Diyos, at hindi nakasasama ang kaunting kaalaman. Kung ayaw ninyong malaman, ibig sabihin ay hindi ninyo pinahahalagahan ang gawain ng iglesia o ang mga lider ng iglesia. Sino ba talaga ang kinatagpo ng lider? Ilan ang mga bagong mananampalataya roon? Nasaan sila? Gusto ko rin silang makilala.” Palagi siyang nagtatanong tungkol sa mga usaping ito.

May isa pang gampanin na pinagtutuunan ng pinakamalaking pansin ng mga sumusubaybay sa iglesia, at ito ay ang pag-arok sa kalagayang pinansyal ng iglesia. Sa isang banda, hinahangad nilang maunawaan ang mga pinagkukunan ng pondo ng iglesia. Gusto nilang malaman kung ang iglesia ay nagtayo ba ng mga pabrika o negosyo, nagmamay-ari ng mga pabrikang nang-aabuso sa mga manggagawa, gumagamit ng mga batang manggagawa, at kung ang iba’t ibang aytem ba ng gawain ng iglesia ay kinasasangkutan ng mga kumikitang proyekto. Halimbawa, kung ang paggawa ng iglesia ng mga video, pelikula, himno, at paglilimbag ng mga aklat ng mga salita ng Diyos ay kumikita ba o nakapagbibigay ng sobra-sobrang kita; kung ano ang mga pinagkukunan ng pondo ng iglesia; kung may mayayamang indibidwal bang nagbibigay ng donasyon para suportahan ang iglesia; kung kasama ba sa mga indibidwal na ito ang mga elitistang

politiko o mga multimilyonaryo at bilyonaryo—ito ang mga detalye na nais nilang maarok. Bukod sa pag-unawa sa mga administratibong estruktura at mga pinansiyal na pinagkukunan ng iglesia, nilalayon din nilang maarok ang pag-iingat ng pondo ng iglesia, na may layong mamatyagan ang direksiyon ng mga pondong ito. Kung paano ginagastos ng iglesia ang pera nito, kung sangkot ba ito sa anumang ilegal na gawain, kung nag-oorganisa ba ito ng mga elitista sa lipunan o nakikipagtulungan sa iba't ibang panlipunang organisasyon at grupo para magkakasamang tutulan ang mga diktatoryal na pamahalaan at itaguyod ang mga karapatang pantao, at iba pa—ang mga ito ay ilan din sa mahahalagang sitwasyon na nilalayon nilang maarok. Itinatanong ng ilang tao: "Ang pagsubaybay ba sa iglesia ay isinasagawa lang ng bansa ng malaking pulang dragon?" Tumpak ba ang pahayag na ito? Ang totoo, ang buong mundo at ang buong lipunang pantao ay lumalaban sa Diyos. Hindi lang ang mga bansang nasa ilalim ng diktatoryal na pamumuno ang lumalaban sa Diyos; kahit sa mga tinatawag na Kristiyanong bansa, ang karamihan ng nasa kapangyarihan ay mga ateista at mga walang pananampalataya, at maging sa mga may kapangyarihan na may pananalig o na nagpapahayag na Kristiyano sila, kakaunti lang sa kanila ang kayang tumanggap sa katotohanan. Karamihan ng tao ay hindi kumikilala, at lalong hindi tumatanggap, sa katotohanan. Kaya, hindi ba't ang mga ito ay mga taong nananampalataya sa Diyos subalit lumalaban sa Kanya? Halimbawa, sa mga relihiyon tulad ng Kristiyanismo, Katolisismo, at Hudaismo sa Israel, ang mga nasa matataas bang posisyon ay binubuo ng mga taong tumatanggap sa katotohanan? Hindi, hindi talaga. Wala sa kanila ang pumupunta para imbestigahan ang gawain ng Diyos; wala ni isa sa kanila ang kayang tumanggap sa katotohanan. Sa mas tumpak na pananalita, lahat sila ay mga hindi mananampalataya; lahat sila ay lumalaban sa Diyos at mga anticristo. Ginugulo at sinasabotahe nila ang gawain ng Diyos at brutal nilang pinipigilan at inuusig ang mga sumusunod sa Diyos, na napatutunayan ng pagtrato nila sa gawain ng Diyos sa mga huling araw. Aling denominasyon ang nagpapahintulot sa mga mananampalataya nito na malayang imbestigahan ang tunay na daan, pakinggan ang mga mangangaral mula sa labas, o tumanggap ng mga estranghero? Wala ni isa ang makagagawa nito. Aling lahi o bansa ang magiliw sa iglesia? (Wala.) Kapuri-puri na kung pagkakalooban ka nila ng kaunting kalayaan sa relihiyon at kaunting espasyo para makahinga. Inaasahan mo pa bang susuportahan ka nila bukod pa rito? Kapag lumilitaw ang iglesia ng Diyos o kapag nagsisimula nang mangaral ng ebanghelyo ang iglesia, ang mga taong ito na hindi man lang nananampalataya sa pag-iral ng Diyos at na nakararamdam ng malaking pagkasuklam at pagkapoot sa mga katotohanang ipinahahayag ng Diyos ay nagsasagawa ng isang espesyal na trabaho, ang magtalaga ng mga indibidwal para masusing subaybayan ang iglesia. Ang ibig sabihin ng "subaybayan" dito ay manmanan, arukin at kontrolin; ibig sabihin, mahigpit na manmanan, arukin, at kontrolin ang lahat ng aspekto ng iglesia sa bawat panahon. Sinasabi ng ilang tao na: "Hindi naman nila hayagang kinondena o tinutulan ang gawain ng Diyos, at hindi rin kami nagdusa ng pang-uusig o panliligalig sa

aming lokal na buhay. Pakiramdam namin ay mas mabuti at mas ligtas na manampalataya sa Diyos, magtipon, gumawa ng aming tungkulin, at magpalaganap ng ebanghelyo sa ibang bansa kaysa sa bansa ng malaking pulang dragon. Wala kaming naranasang anumang pangingialam." Hindi mo dapat itanggi ang gawain nila ng pagsubaybay sa iglesia dahil lang walang pangingialam at may kaunting kalayaang ipinagkaloob sa iyo. Ang kaunting kalayaan sa relihiyon na ipinagkaloob sa iyo ay isang pangunahing institusyong panlipunan; ang tinatamasa mo ay mga pangunahing karapatan lang ng sinumang mamamayan sa bansang iyong pinaninirahan. Ang pagtamasa sa mga pangunahing karapatang ito ay hindi nangangahulugang ang pambansang pamahalaan, mga grupong panlipunan, o ang relihiyosong mundo ay tinatanggap at kinikilala na ang gawain ng Diyos at ang gawain ng iglesia, na naging magiliw na ito, o na nawala na ang anumang pagkamapanlaban at pagsubaybay. Hindi ba't ganoon ang kaso? (Oo.) Ang usaping ito ay hindi abstrakto, hindi ba? (Hindi, hindi nga.)

Ano ba dapat ang saloobin natin sa pagkamapanlaban at pagsubaybay ng mga satanikong rehimen? Dapat ba natin itong tanggihan at iwasan, o balewalain na lang? Una, pag-isipan ninyo ito: Natatakot ba ang iglesia sa pagsubaybay nila sa alinmang gawain nito? (Hindi.) Mayroon ba tayong anumang lihim na gawain? Gumagawa ba tayo ng anumang pahayag na kontra-estado o kontra-pamahalaan? (Hindi.) Maaari itong makumpirma. Hindi kailanman kasama sa pananampalataya sa Diyos ang pakikilahok sa politika. Karamihan sa inyo ay mahigit tatlong taon nang nananampalataya sa Diyos, ang ilan pa nga ay dalawampu o tatlumpung taon na. Sa lahat ng mga taong ito ng pakikinig sa mga sermon, may sinuman bang nakakita kahit kailan na gumawa ang iglesia ng mga pahayag na kontra-estado at kontra-lipunan? (Wala.) Wala ni katiting; hindi kailanman tinatalakay ng sambahayan ng Diyos ang politika. Bukod dito, ang Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos ay itinatag ng Diyos, patikim ito ng kaharian ng Diyos sa lupa, hindi isang organisasyong itinatag ng sinumang tao, hindi itinatag ng sinumang indibidwal. Kung gayon, ano ang gawain na itinatag ng Diyos para gawin ng iglesia? Hindi ito para makisali sa gawaing kontra-lipunan, kontra-relihiyon, o kontra-politika. Ano, kung gayon, ang gawain ng iglesia? Una, ang pangunahing gawain nito ay ang ipalaganap ang mabuting balita ng pagkakatawang-tao ng Diyos para iligtas ang sangkatauhan sa mga huling araw, ang pahintulutan ang sangkatauhan na tanggapin ang lahat ng katotohanang ipinahayag ng Diyos para bumaling sila sa Diyos at sumamba sa Kanya. Pangalawa, kinapapalooban ito ng pagdadala sa mga taong nananabik sa katotohanan sa harapan ng Diyos para matanggap nila ang paghatol at pagkastigo ng mga salita ng Diyos at mapadalisay sila, at sa huli ay makamit nila ang kaligtasan. Ito ang gawaing isinasagawa ng iglesia ayon sa itinatag ng Diyos, at ito ang kabuluhan at kahalagahan ng pag-iral ng iglesia. Ang gawaing ito ay walang kaugnayan at hindi konektado sa politika, negosyo, industriya, teknolohiya, o anumang iba pang sektor ng lipunan; ito ay ganap na walang kaugnayan sa mga bagay na ito. Ano, kung gayon, ang diwa ng gawain ng pagliligtas ng Diyos sa loob ng iglesia? Sa pinakasimple at

pinakamatalas na pananalita, ito ay ang pamamahala sa sangkatauhan. Ang partikular na nilalaman ng pamamahala sa sangkatauhan ay kinapapalooban ng pagdadala sa mga tao sa harapan ng Diyos, sa realidad ng mga salita ng Diyos, pagbibigay-daan sa kanila na matanggap ang paghatol at pagkastigo ng Diyos para madalisay sila at makamit nila ang kaligtasan. Ito ang partikular na gawain ng pamamahala sa sangkatauhan. Anumang gawain na ginagawa ng iglesia ay may kaugnayan sa pamamahala ng Diyos, sa plano ng Diyos, at siyempre, ay kinapapalooban ng mga salitang ipinahayag ng Diyos; wala itong anumang kaugnayan sa iba't ibang trabahong isinasagawa ng mga makamundong tao. Kaya, ang anumang impormasyon tungkol sa iglesia, may kinalaman man ito sa mga katuruan nito, sa mga tauhan nito, sa mga administratibong estruktura nito, sa kalagayan ng gawain nito, o maging sa pinansyal na sitwasyon ng iglesia, ay ganap na walang kaugnayan sa anumang bansa, lipunan, lahi, relihiyon, o anumang grupo ng tao—walang kahit kaunting koneksiyon. Samakatwid, kung isasaalang-alang ang mga puntong ito, maging ito man ay ang naghaharing partido, mga grupong relihiyoso, o mga panlipunang grupo, ang pagkilos nila na magpadala ng mga tao para subaybayan ang iglesia ay ganap na maituturing bilang ano? (Isang di-kinakailangang pagkilos.) Ang "isang di-kinakailangang pagkilos" ay isang pormal na pagpapahayag. Ano ang karaniwang kasabihan? Ito ay ang wala lang magawa, tama? Sa Aking pananaw, ito mismo iyon; ang mga araw nila ay puno ng sobrang kaginhawahan at kaalwanan, kaya't ipinadadala nila ang ilang walang-magawang indibidwal na ito para subaybayan ang iglesia, itinuturing pa nga itong isang pampolitikang gampanin, isang seryosong trabaho—napakakakatwa nito! Gamit ang pagsisikap na iyon, higit na mas mabuting magbukas na lang ng mga institusyong pang-edukasyon o pangkawanggawa. Isa lang itong kaso ng sobrang kaginhawahan ng laman na nauuwi sa katamaran, hindi pagtuon sa mga wastong gampanin! Kung ang buong sangkatauhan ay katulad ng iglesia ng Diyos, na personal na pinapastol at pinangungunahan ng Diyos, ang mundong ito, ang sangkatauhang ito ay makatitipid nang malaki sa mga di-kinakailangang institusyon, gastusin, at suliranin. Kahit papaano man lang, ang mga ahensya tulad ng mga organisasyon sa pang-eespiya at mga kagawaran ng pulisya, ang mga sektor na ito ng seguridad, ay mawawalan ng silbi at kakailanganing buwagin at italaga sa ibang gawain.

Ang mga indibidwal na itinalaga para sumubaybay sa iglesia ay may misyon. Ang pangunahing gampanin nila pagkapasok sa iglesia ay ang iilang aspektong ito na pinagbahaginan na natin; pagkatapos nilang maarok ang ilang pangunahin at mahalagang sitwasyon sa loob ng iglesia, nag-uulat sila sa kanilang mga nakatataas. Anuman ang kanilang mga kaisipan, opinyon, o pakay sa gawain nila, ang presensiya ng mga tagasubaybay na ito sa loob ng iglesia ay dapat na magtulak sa mga kapatid na maging alerto at pangasiwaan ang mga ito nang may karunungan. Tama ba ang pamamaraang ito? (Oo.) Kung gayon, may anuman bang pangangailangan para sa labis na pagkaalarma? (Wala.) Paano natin dapat harapin ang pagsulpot ng gayong mga indibidwal? May dalawang prinsipyo, at napakasimple nito. Kung nag-iikot sila para magtanong at

maghanap ng impormasyon, malinaw na ipinakikita nito na sila ay espiya o tiktik. Ang gayong mga indibidwal ay may napakasama at napakamapangahas na pagkatao; nagdudulot sila ng malalaking kaguluhan sa iglesia. Ang kanilang presensiya pa lang ay nagdudulot na ng kaligaligan sa mga tao, pinipigilan ang mga ito na magpunta sa harapan ng Diyos. Ang mga pagtitipon at ang pagganap ng mga tungkulin ay nagugulo at naaapektuhan din, at nakokompromiso ang seguridad. Paano dapat pangasiwaan ang gayong tao? (Paalisin sila sa iglesia.) Tama; kung nagdudulot sila ng mga kaguluhan sa buhay iglesia o sa gawain ng iglesia, dapat silang direktang alisin. Kung gayon, may anumang pangangailangan ba na magtago sa kanila o matakot sa kanila? (Wala.) Kapag nakatagpo ng mga espiya sa ibang bansa, may ilang tao na natataranta at nagtatago kung saan-saan, na para bang nakakita sila ng mga pulis sa mainland. Kapag may mga kapatid na lumalabas para mag-asikaso ng mga gawain at nakatatagpo sila ng mga espiya na nagtatanong sa kanila, at naririnig nila kung gaano nakatatakot ang tono ng pagtatanong, na para bang isang interogasyon ng pulis, labis silang natatakot kaya tumatakbo sila palayo nang hindi man lang nakokompleto ang mga gawain nila. Sinasabi Ko, “Paanong ganyan ka kadaling magpasindak? Bakit ka tumatakbo? Ano ba ang dapat katakutan? Sa bansa ng malaking pulang dragon, napakaraming kapatid ang nahuli subalit nanatiling hindi takot; hindi sila naging mga Hudas, nanindigan sila sa kanilang patotoo. Kaya bakit pagkatapos na makarating sa ibang bansa ay labis ka pa ring natatakot? Hindi ka naman lumabag sa anumang batas; ano ang dapat katakutan?” Sinasabi ng ilang tao na: “Palagi nilang tinatangkang lumapit sa akin, at palagi nila akong iniinteroga.” Hindi mo ba sila kayang tanungin din? Maaari mong sabihin na, “Anong karapatan mo para interogahin ako? Kilala ba kita? Opisyal ka ba ng malaking pulang dragon na sumisiyasat ng mga ID? Sino ang kinakatawan mo? Kung patuloy mo akong tatanungin, idedemanda kita!” Kailangan bang katakutan sila? (Hindi.) May ilang tao na kapag nahaharap sa gayong mga espiya ay hindi naglalakas-loob na magsalita at kaagad na tumatakas sa takot. May mga taong magugulo ang isip na hindi man lang makakilatis, at sinusubukan pa ngang pangaralan ng ebanghelyo ang mga satanikong espiya at sunod-sunurang ito. Matapos ang ilang pagtatangka, napagtatanto nilang, “Hindi ito isang tao na naniniwalang umiiral ang Diyos. Bakit para siyang opisyal ng malaking pulang dragon?” Dahil pakiramdam nila ay may mali, sumusuko sila. Kalaunan, pinag-iisipan nila ito: “Pinoprotektahan ako ng Diyos; buti na lang at hindi ko naibunyag ang anumang personal na impormasyon sa kanila. Wala naman palang dapat ipag-alala!” Sa sobrang takot nila ay hindi na sila naglalakas-loob na basta na lang mangaral ng ebanghelyo sa sinumang makatagpo nila. Ang totoo, nagkaroon na talaga ng mga espiya na naipasok sa iglesia sa pamamagitan ng pangangaral. Sila ay mga tiktik na ipinasok sa iglesia ng malaking pulang dragon, sinadya silang isaayos ni Satanas. Para silang mga lobong nakasuot ng balat ng tupa, pumapasok sa iglesia nang hindi kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos o nakikipagbahaginan sa katotohanan, palaging naniniktik ng impormasyon tungkol sa iglesia at nakikialam sa mga personal na

detalye. Sa sandaling matuklasang kahina-hinala ang kilos nila o na nagdulot na sila ng mga kaguluhan sa loob ng iglesia, dapat kaagad silang alisin—ang mga tiktik ng malaking pulang dragon, ang mga alipin ni Satanas, ay hinding-hindi dapat pahintulutang manggulo sa iglesia. Paalisin ang bawat isang matatagpuan ninyo; huwag silang pakitaan ng anumang awa! Kung may sinumang nakakasundo ang isang espiya, na palaging handang tratuhin ito nang mabuti dahil sa pagmamahal, sinasagot ang anumang tanong, at nagiging parang sunod-sunuran sa espiya, ang gayong salot ay dapat direktang patalsikin! Ang mga kahina-hinalang indibidwal ay dapat mahigpit na bantayan at obserbahan; wala ni isang detalye tungkol sa iglesia ang dapat ipabatid sa kanila, lalong-lalo na ang tungkol sa kung sino ang mga lider at manggagawa. Kapag hinayaang makakuha ng anumang impormasyon ang espiya, maaari itong magdulot ng natatagong banta o kapahamakan sa iglesia at sa mga kapatid anumang oras. Kaya, kapag ang isang tao ay natukoy na kahina-hinala, hangga't hindi siya kumakain at umiinom ng mga salita ng Diyos kailanman o kaya ay nakikipagbahaginan sa katotohanan, siya ay tiyak na isang hindi mananampalataya, at tama na kaagad siyang paalisin. Kahit pa ang gayong tao ay hindi isang espiya, hindi siya mabuting tao, at ang pagpapaalis sa kanya ay hinding-hindi kawalan ng katarungan. Kung may sinumang matutuklasang malapit na nakikipag-ugnayan sa isang espiya at may kakayahang ipagkanulo ang iglesia, dapat siyang paalisin kaagad sa anumang sitwasyon. Ang gayong salot at tampalasan ay makapagdadala lang ng kapahamakan sa iglesia at sa mga kapatid. Mas masahol pa siya kaysa sa mga bantay na aso; kahit pa hindi siya gumagawa ng masasamang gawa, dapat pa rin siyang paalisin. Ngayon, ang malaking pulang dragon ay malapit nang gumuho, subalit ayaw pa rin nilang tanggapin ang kanilang pagkatalo at pagkawasak. Patuloy silang nang-aaresto at nang-uusig ng hinirang na mga tao ng Diyos at nagsasagawa ng mga operasyon ng pang-eespiya para pasukin ang sambahayan ng Diyos. Ang panggugulo at pananabotahe nila sa gawain ng iglesia ay hindi kailanman tumigil. Ngayon, nailantad na ang ilang malinaw na kahina-hinalang indibidwal. Ang mga pagtatangka nilang mangalap ng impormasyon ay nagdulot ng kaguluhan, kaya't naging madali para sa iba na makilatis sila. Kapag nalantad na nila ang sarili nila, kaagad silang papaalisin ng iglesia. Subalit nalantad na ba ang lahat ng tusong espiya? Hinding-hindi. Posibleng mapasok ang mga iglesia kahit saan ng mga ahente ng malaking pulang dragon. Ang ilang indibidwal, matapos mahuli ng malaking pulang dragon, ay pinipilit sa pamamagitan ng mga pagbabanta, tukso, at iba't iba pang paraan ni Satanas na kumilos para dito at pagkatapos ay pasukin ang iglesia. Ang mga ito ang mga natatagong espiya. Ang gayong mga tiktik ay taksil at mapanlinlang, may katusuhan at katalinuhan. Sa mga salita ng mga walang pananampalataya, may kaunti silang kapabilidad. Kapag sinusubaybayan ang iglesia, ginagawa nila ito nang hindi halata, tahimik at palihim silang kumikilos, hindi kailanman ibinubunyag ang mga tunay nilang intensyon sa kanilang mga pakikipag-ugnayan. Karamihan ng tao ay walang nararamdamang anuman kapag nakikipag-ugnayan sa kanila; hindi alam ng mga ito na ang espiya ay nangangalap

ng impormasyon, hindi rin nararamdaman ng mga ito ang pagkasuklam ng espiya sa pananampalataya sa Diyos. Maaaring naarok na ng espiya ang batayang sitwasyon ng iglesia bago pa man mapagtanto ng karamihan na naroroon sila para subaybayan ang iglesia. Sa panlabas, ang gayong mga indibidwal ay hindi nagdudulot ng anumang kaguluhan sa iglesia o sa karamihan ng tao, kaya paano sila dapat pangasiwaan? Dapat ba tayong magpatupad ng mga hakbang o solusyon para tugunan ang kanilang pagsubaybay sa iglesia? Tulad ng nabanggit kanina, kinatatakutan ba ng iglesia ang pagsusubaybay nila sa anumang aspekto? (Hindi.) Ang pag-iral ng ating iglesia at ng iba't ibang aytem ng gawain na isinasagawa nito ay bukas at matapat; ang mga aytem na ito ng gawain ang pinakamakatarungan sa lahat ng layunin ng sangkatauhan. Kung gustong maunawaan ng anumang organisasyon ang anumang aspekto ng iglesia, ang mga patotoong batay sa karanasan ng iglesia ay pampublikong ipinalalabas online—maaaring panoorin ito ng lahat hangga't gusto nila. Walang mga lihim, walang mga ilegal na gawain, at lalong walang mga panggugulo sa kaayusang panlipunan o salungat na pananalita o mga pagkilos. Kaya, kung lihim nilang iimbestigahan at susubaybayan ang sitwasyon ng iglesia, hayaan lang sila. Bakit Ko ito sinasabi? Ang mga indibidwal na ito na nagtatrabaho bilang mga ahente ay nagtataglay ng isang partikular na pamantayang propesyonal, at hindi kayang tukuyin ng mga ordinaryong tao kung ano ba mismo ang mga gampaning ginagawa nila kapag walang nakakakita. Kaya, hangga't hindi sila nagdudulot ng mga kaguluhan, walang dahilan para mag-abala sa kanila; hayaan lang sila. Bukod pa rito, ang mga hindi mananampalataya, mga ateista, at mga indibidwal na ito na kasangkot sa politika ay hindi sanay at hindi interesado sa buhay iglesia. Sa iglesia, kung saan araw-araw, ang mga tao ay nagbabasa ng mga salita ng Diyos, tumatanggap ng paghatol at pagkastigo, at tinatalakay ang pagkilala sa sarili, pagkilala sa Diyos, at ang pagbabago ng disposisyon, paano sila hindi makararamdam ng pagkabalisa o na para bang dumaranas sila ng pagdurusa? Sa bawat pagtitipon, kasing-aligaga sila ng mga langgam na nasa mainit na kawali; ayaw nilang pilitin ang sarili nilang manatili sa iglesia. Nauunawaan nila sa kanilang puso na ang iglesia ay isang iglesia lang, at hinding-hindi isang organisasyong nakikisangkot sa politika. Sa pagsubaybay at pag-alam tungkol sa iglesia, at pagiging mulat sa kung ano talaga ang ginagawa nito, natututunan nila ang katunayang ang Diyos ang naghahari nang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay at sa kapalaran ng sangkatauhan, na pinalalawak ang kanilang pananaw para hindi sila mamuhay nang napakamangmang. Sila rin ay mga nilikha, subalit ni hindi nila alam na ang tao ay nilikha ng Diyos, na nagpapakita kung gaano sila kahangal at kawalang halaga! Mayroon bang anumang panganib sa pagpapahintulot sa kanilang manatili sa iglesia? Kung hindi sila banta o nanggugulo sa iglesia o sa mga kapatid, hayaan na lang sila. Sa sandaling gumawa sila ng isang bagay na nagdudulot ng kaguluhan, iyon na ang sandali nila ng pagkakalantad, at iyon na ang tamang oras para pangasiwaan sila. Batay sa mga katunayan at ebidensya, kaagad silang kilatisin at tukuyin—matatapos ang kanilang misyon, at natural na patatalsikin sila

ng iglesia. Mabuti ba ang pamamaraang ito? (Oo.) May mga tao na nagtatanong, “Hindi ba’t ang gawain ng iglesia ay bukas at matapat? Bakit pipigilan ang pagsubaybay ng mga tao?” Ito ay pangunahing nakatuon sa rehimen ng malaking pulang dragon, kay Satanas. Ang pagsubaybay nito sa iglesia ay para sa pakay na supilin, arestuhin, at pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos; samakatwid, hindi pinahihintulutan ng sambahayan ng Diyos ang pagsubaybay nito para maprotektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pag-uusig at pagpatay. Kung may mga indibidwal mula sa mga demokratikong bansa o mga relihiyosong grupo na dumating para mag-imbestiga tungkol sa tunay na daan, maaari nilang saliksikin ito online o kontakin ang iglesia. Tinatanggap ng iglesia ang sinumang taos-pusong naghahanap sa katotohanan. Subalit kung ang kabilang partido ay nagkikimkim ng masasamang intensyon at naghahangad na baluktutin ang tama at mali at siraan ang iglesia, paano mapahihintulutan ng sambahayan ng Diyos ang kanilang pagsubaybay? Hindi ba’t magiging malaking kahangalan kung pahihintulutan ang pagsubaybay nila? Hindi ba’t magiging kahangalan at kamangmangan ito? (Oo.) Palaging pinapapasok ng sambahayan ng Diyos iyong mga naghahanap sa katotohanan at malugod silang tinatanggap, na ganap na naaayon sa mga layunin ng Diyos. Kung hindi ito nauunawaan ng mga tao, ito ay dahil sa kanilang kahangalan at kamangmangan. Ang panlabas na polisiya ng iglesia ay bukas at matapat, ganap na umaayon sa mga katotohanang prinsipyo, at puno ng katalinuhan at karunungan. Kung may isang taong hindi kayang maarok ang mga positibong bagay na ito, siya ay isang kakatwang tao, isang taong magulo ang isip. May mga tao na nagsasabing, “Kung pumupunta ang mga tiktik o mga alipin ni Satanas para mag-alam tungkol sa iglesia, dapat ba tayong maging matatapat na tao at sagutin ang mga tanong nila nang totoo?” Ang pagsasabi ng katotohanan sa mga diyablo at Satanas ay kahangalan; hindi nito ginagawang matapat ang isang tao, kundi ginagawa siyang isang sunod-sunuran ni Satanas. Kapag nais ng mga kauri ni Satanas na malaman at maarok ang mga sitwasyon ng iglesia, walang responsabilidad ang hinirang na mga tao ng Diyos na sabihin ito sa kanila. Hindi nila kayang tanggapin ang katotohanan at wala silang mabuting kalooban, kaya wala tayong sasabihin sa kanila! Ang paggawa nito ay hindi pagiging mainitin ang ulo, kundi pagiging marunong. May ilang taong nagtatanong, “Kung tatanungin nila ako, ‘Sino ang namumuno sa inyong iglesia? Ilang taon na siyang nananampalataya?’ maaari ko bang sabihin sa kanila?” Dapat mo silang tanungin, “Ano ang pakay mo sa pag-alam tungkol sa aming lider? Sabihin mo muna sa akin, pag-iisipan ko ito at saka ko pagdedesisyunan kung ipapaalam ko ba sa iyo o hindi.” May karunungan ba sa sagot na ito? (Oo.) Ito ay tinatawag na pagkilos ayon sa mga prinsipyo. Nauunawaan mo ba? Habang ang gawain ng ebanghelyo ay lumalaganap at ang bilang ng mga tao sa iglesia ay unti-unting dumarami, maaaring lumitaw ang mga tiktik at mga ahente sa mga iglesia sa iba’t ibang bansa at rehiyon paminsan-minsan. Para sa gayong mga indibidwal, sapat na ang simpleng pag-abiso sa hinirang na mga tao ng Diyos na pangasiwaan sila nang may karunungan. Kung matutuklasang nagdudulot sila ng kaguluhan o paggambala, dapat

silang kaagad na paalisin. Karamihan ng tao ay dapat may kaunting pang-unawa at pagkilatis sa paraan ng pananalita at pagkilos ng mga ahenteng ito, o sa ugali ng mga ito, at tiyak na magkakaroon sila ng kamalayan o pakiramdam kapag nakikipag-ugnayan sa mga ito. Kung iilang kapatid lang sa isang iglesia ang nakapapansin ng gayong mga indibidwal subalit hindi sila sigurado kung espiya o tiktik ba ang mga ito, dapat tratuhin ang mga ito nang maingat at may karunungan. Kung karamihan ng tao ang nakapansin, maaari nilang ipaalam sa isa't isa at maaari silang magpatupad ng mga hakbang sa pag-iingat. Kung ang mga pinaghihinalaang espiya ay hindi nagpapakita ng pagkamagiliw sa iglesia o sa mga kapatid, palaging nagtatangkang bitagin ang mga kapatid at guluhin ang iglesia, at palaging naghahanap ng ebidensya para siraan ang iglesia, nagagawa pa ngang kumuha ng mga larawan o recording ng mga kapatid, o gumamit ng tukso at pang-aakit para makakuha ng impormasyong gusto nilang malaman, ang gayong mga indibidwal, kapag natuklasan, ay hindi maaaring hayaang magpatuloy—dapat silang agad na paalisin sa iglesia. Maaaring hindi pa ninyo nararanasan ang mga ganitong sitwasyon, kaya binibigyan Ko kayo ng abiso nang maaga. Tungkol ito sa pagpapalawak ng inyong pang-unawa, tungkol ito sa pagkilala sa sangkatauhan, lipunan, politika, at mundo—sadyang ganoon ito kadilim at ganoon ito kasama.

Pagdating sa ikasiyam na layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos—ang subaybayan ang iglesia—dito nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa pangunahing nilalaman. Malinaw bang napagbahaginan ang lahat? (Oo.) Ano ang mga nilalaman na nilalayong subaybayan niyong mga sumusubaybay sa iglesia? (Ang mga katuruan ng iglesia, mga sitwasyon ng mga tauhan, mga kondisyon sa gawain, at kalagayang pinansyal.) Sa madaling salita, ang apat na aspektong ito ang pinakaikinababahala nila. Ano ang kinapapalooban ng apat na aspektong ito? Kinapapalooban ito ng mga bagay na pinakaikinababahala nila: ang epekto ng presensiya ng iglesia sa lipunan, sa bansa, at sa relihiyosong mundo. Nangangamba rin sila na baka gamitin ng iglesia ang relihiyon bilang balatkayo para makisangkot sa politika at pabagsakin ang pamahalaan, itinuturing ito bilang ang pinakamalaking natatagong panganib. Kaya, sinusupil, inuusig, at ipinagbabawal nila ang iglesia, at inaaresto ang mga miyembro nito. Sa bansa ng malaking pulang dragon, ipinagbabawal ang lahat ng relihiyosong pananampalataya; sa ilang bansa, ipinagbabawal ang ilang pananampalataya, at sa karamihan ng mga bansa, natatakot silang magtaglay ng kapangyarihan ang katotohanan at tanggapin ito ng mga tao, na magiging banta sa kanilang pamumuno. Sa madaling salita, kapag mas gumagawa at nagpapahayag ng katotohanan ang Diyos sa isang lugar, at kapag mas tinataglay ng isang iglesia ang gawain ng Banal na Espiritu, mas malamang na ito ay susubaybayan at titingnan nang may pagkamapanlaban ng iba't ibang pamahalaan. Kaya, madalas magpadala ang mga gobyerno ng mga ahente na nakabalatkayong mga tao na nag-iimbestiga sa tunay na daan para alamin at arukin ang sitwasyon ng iglesia, para subaybayan ang lahat ng dinamika nito. Bukod dito, sinisikap nilang maarok ang mga kalakaran ng gawain ng iglesia, na makita kung ito ba ay may kinalaman sa politika,

kung ito ba ay nakikilahok sa mga pampolitikang gawain habang nagpapanggap na nagsasakatuparan ito ng gawain ng iglesia, o kung ito ba ay may anumang kaugnayan sa mga relihiyosong puwersa sa ibang bansa, at iba pang alalahanin. Ito ang mga bagay na nais nilang maarok at ikinababahala nila. Bukod pa rito, ang kalagayang pinansyal ng iglesia ay isa ring bagay na gusto nilang maarok. Pinagbubulay-bulayan nila: “Dumami na ang mga tao sa iglesiang ito at mabilis ang pag-unlad nito—saan nanggagaling ang pondo nito? Aling mga organisasyon o mayayamang indibidwal ang nagbibigay ng donasyon sa kanila?” Sa madaling salita, wala tayong maiisip na hindi pa nila naisaalang-alang. Bakit? Sapagkat sila ay masama; sila ay masasamang tao. Ang kanilang mga pagtatangkang arukin ang sitwasyon ng iglesia ay bunga ng kanilang matinding pangamba tungkol sa pag-iral ng iglesia, natatakot na maimpluwensiyahan ng iglesia ang mas maraming tao, na maaaring maging banta sa kanilang pamumuno; ito mismo ang ikinababahala nila tungkol sa iglesia. Gaano man kamakatarungan o kalehitimo ang gawain ng iglesia, hindi pa rin sila naniniwala. Bakit? Dahil sila ay mga hindi mananampalataya, mga ateista, at mga materyalista—ito lang ang kayang gawin ng mga materyalista. Ito ang apat na sitwasyong ikinababahala nila. Katatapos lang natin pagbahaginan ang dalawang prinsipyo kaugnay sa tamang paraan ng pangangasiwa sa gayong mga indibidwal pagkatapos nating maunawaan ang mga dahilan at layunin sa likod ng kanilang mga pag-aalala sa apat na sitwasyong ito. Magbigay kayo ng simpleng buod ng mga prinsipyong ito at magsalita tungkol sa mga ito. (Kung nagdudulot sila ng mga kaguluhan sa iglesia, alisin sila; kung hindi sila nagdudulot ng mga kaguluhan, hindi kailangang mag-abala pa sa kanila.) Kung nagdudulot sila ng mga kaguluhan, naniniktik kung saan-saan at nagdudulot ng pagkataranta, alisin sila nang walang awa; kung hindi sila nagdudulot ng mga kaguluhan at karamihan ng tao ay hindi sila napapansin o hindi sila makilatis, huwag silang pansinin. Sa sandaling makita nilang ito ay tunay ngang gawain ng iglesia, pawang mga relihiyosong gawain, at walang anumang kinalaman sa politika, ang pagkumpirma lang sa puntong ito ay magpapaalis na sa kanila nang kusa. Ito ang paraang ginagamit ng mga demokratikong bansa para maunawaan ang mga relihiyosong sitwasyon. Kanina, nabanggit din na ang sangkatauhan ay napakakomplikado. Ano ang dahilan sa pagiging komplikado ng sangkatauhan? Hindi ba’t nagmula ito sa kasamaan ng sangkatauhan? (Oo.) Paano nagsimula ang kasamaan ng sangkatauhan? Bakit sinasabi na ang sangkatauhan ay masama? Ito ay dahil labis nang nagawang tiwali ni Satanas ang sangkatauhan. Paano ito masasabi sa simpleng salita? Ito ay na ginawa nang mga demonyo ni Satanas ang mga tao; ang buong sangkatauhan ay nasa ilalim ng pamumuno ng mga diyablo, na may napakaraming malalaki at maliliit na diyablo, kaya ang mga lugar kung saan nagtitipon ang mga tao ay naging mga lungsod na ng mga demonyo. Kapag maraming demonyo ang sama-samang nagtitipon, nagiging komplikado ito; may kakayahan silang gumawa ng lahat ng uri ng masasamang gawa at magsagawa ng lahat ng uri ng karumal-dumal na gawain. Dahil lahat ng diyablo ay masama, at palaging may mga alitan sa pagitan nila, at hindi sila kailanman magkakatugma sa isa’t isa, ginagawa

nitong komplikado ang mga usapin. Kapag nagsasama-sama ang mga taong tunay na nananampalataya sa Diyos, mas simple ito; handa silang lahat na magbasa ng mga salita ng Diyos at mamuhay ng buhay iglesia, at lahat sila ay nasisiyahang gumawa ng kanilang mga tungkulin at magsagawa ng mga wastong gampanin. Hindi sila nakikilahok sa mga baliko at karumal-dumal na gawain—ang pinakamalala na, baka magpakita sila ng kaunting katiwalian. Tanging ang gayong mga tao ang makapagkakamit ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig sa Diyos. Ang mga diyablo ay hindi kailanman maliligtas sa pamamagitan ng pananalig sa Diyos dahil hindi mababago ng isang leopardo ang mga batik nito. Kahit manampalataya pa ng ilang dekada o siglo ang mga diyablo, hindi sila magbabago, na isang katunayang nakikita ng lahat. Ngayon, inalis na ng maraming iglesia iyong mga diyablo, at ito ay isang mabuting bagay at ganap na naaayon sa mga layunin ng Diyos. Sa ilang iglesia, kalahati ng mga tao ay mga diyablo, samantalang sa iba, ang minorya ay mga diyablo. Madali bang isagawa ang gawain ng iglesia sa gayong mga iglesia? Tiyak na hindi. Kung aalisin ang mga diyablo, at maiiwan lang ang tiwaling sangkatauhan, magiging mas madaling gawin ang gawain ng iglesia. Ang pinakakahabag-habag na sitwasyon ay kapag ang mga huwad na lider o mga anticristo ang may kapangyarihan sa ilang iglesia, at ang mga diyablo ang nasa posisyon ng pamumuno; talagang nagdurusa ang hinirang na mga tao ng Diyos sa gayong mga iglesia. Sabihin ninyo sa Akin, makapagdadala ba ng kapayapaan at kagalakan sa hinirang na mga tao ng Diyos ang pagkakaroon ng mga huwad na lider o mga anticristo ng kapangyarihan? Ang mga kaisipan at ideya ng mga huwad na lider at mga anticristo ay ganap na masama at salungat sa katotohanan. Kung may sampu o dalawampung buhay na demonyong sumusuporta sa kanila, ang pamumuhay sa gayong iglesia ay katulad ng pamumuhay sa isang lugar kung saan nagtitipon ang mga demonyo, sa isang pugad ng mga demonyong kontrolado ng isang haring diyablo; para itong pamumuhay sa loob ng isang gilingan ng karne, na nagdudulot ng pagkabalisa sa iyong isipan at espiritu. Araw-araw, ang naiisip mo ay mga bagay tulad ng kung kanino makikipaglaban o makikipagtunggali, kung kanino makikipagkaibigan o makikipaglapit, kung kanino iiwas at mag-iingat, at iba pa; ni wala kang kapaligirang may kapayapaan, namumuhay ka na palaging takot at nangangamba, nang wala ni katiting na katahimikan. Hindi ba't katulad ito ng pamumuhay sa loob ng isang gilingan ng karne? (Oo.) Tinatrato ng masamang lipunang ito, ng masamang sangkatauhang ito, ang lahat ng tao at lahat ng grupo o organisasyon nang magkakapareho, inilalapat ang parehong opinyon at pananaw para sa lahat. Gayundin, nababalisa sila maging sa iglesia, isang institusyon na medyo positibo, hindi ito pinalalampas. Gayumpaman, ang paraan ng pakikitungo natin sa kanila ay may prinsipyo, tama?

Ang ikasiyam na layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos—ang pagsubaybay sa iglesia—ay ganap nang napagbahaginan ngayon, at ang lahat ng nilalaman ng unang kategorya ng ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay sa pangkalahatan ay napagbahaginan na rin. Ang buod ng mga layon ng mga hindi

mananampalataya at mga ateistang ito sa pananampalataya nila sa Diyos ay pangunahing sumasaklaw sa mga puntong ito. Ang huling layon na pinagbahaginan ay bahagyang naiiba ang nilalaman sa mga nauna. Kapag pumapasok sa iglesia ang mga sumusubaybay sa iglesia, hindi sila naghahangad ng pagkakakitaan, katayuan, o mga kaginhawahan sa buhay at trabaho, kundi may mga pampolitikang layon sila. Anuman ang layon nila, sa sandaling mahalata at makilatis natin sila, dapat tayong kaagad na gumawa ng nararapat na pagkilos, paalisin o patalsikin ang mga indibidwal na ito, at hinding-hindi sila pahintulutang manatiling nakakubli sa iglesia nang matagal. Ito ay isang mahalagang gampanin ng mga lider at manggagawa. Batay sa layon nila sa pananampalataya sa Diyos, kilatisin at tukuyin kung sino ang mga totoong kapatid—ang hinirang na mga tao ng Diyos—at kung sino ang iba't ibang uri ng masasamang tao na dapat paalisin o patalsikin ng iglesia; agad na tukuyin ang masasamang taong ito at pagkatapos ay kaagad na ipatupad ang isang nararapat na pamamaraan para paalisin o patalsikin sila. Ito ang unang kategorya ng pagkilatis at pagkategorya sa iba't ibang uri ng masasamang tao: ang layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos. Natapos na natin ang pagbabahaginan tungkol dito.

II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao

Ngayon, dadako naman tayo sa ikalawang kategorya, ang kanilang pagkatao. Sa pamamagitan ng mga pagpapamalas ng pagkatao ng isang tao, makikilatis at matutukoy natin kung ang indibidwal na ito ay tunay bang nananampalataya sa Diyos at kung nararapat ba siyang manatili sa iglesia. Kung, batay sa kanyang mga pagpapamalas at pagbubunyag ng pagkatao at sa diwa ng kanyang pagkatao, siya ay hindi tunay na kapatid, hindi angkop na manatili sa iglesia, nakagugulo ang presensiya niya sa mga kapatid, at—ayon sa kanyang pag-uugali—ay kabilang siya sa mga dapat paalisin o patalsikin mula sa iglesia, dapat mabilis na gumawa ng mga kaukulang plano ang iglesia para paalisin o patalsikin ang mga indibidwal na ito. Ang pagbabahaginan tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay tungkol sa pagpapaalis o pagpapatalsik sa lahat ng uri ng masasamang tao. Kung titingnan sa perspektiba ng sangkatauhan, ang pagkatao ng mga indibidwal na ito ay tiyak na di-mabuti at masama; sa simpleng pananalita, sadyang hindi sila mabuti. Batay sa mga pagpapamalas ng kanilang pagkatao, dapat silang paalisin o patalsikin mula sa iglesia para mapigilan sila sa patuloy na panggugulo sa iglesia at pag-apekto sa normal na kaayusan ng buhay iglesia ng hinirang na mga tao ng Diyos at sa pagganap nila ng tungkulin. Kaya, sa aling mga pagpapamalas natin huhusgahan kung ang pagkatao ng isang tao ay mabuti ba o masama, at sa gayon ay magpapasya kung dapat ba siyang paalisin o patalsikin ng iglesia? Sa pagbubuod, ang ikalawang kategorya—ang pagkatao—ay sumasaklaw rin sa maraming punto, subalit pagbahaginan muna natin ang unang punto.

A. Pagkahilig na Mambaluktot ng mga Katunayan at Kasinungalingan

Ang unang punto ay tungkol sa mga taong mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan. Siguradong madalas na ninyong nakikita ang ganitong uri ng tao. Ano ang pangunahing pagpapamalas ng pagkahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan? Ito ay ang pagsasalita nang walang mga prinsipyo, palaging pag-uudyok ng mga pagtatalo nang may mga intensyon at pakay, na nagdudulot ng masasamang epekto. Malinaw na ang gayong mga tao ay may mga seryosong isyu sa kanilang pananalita, na nakaugat sa hindi magandang disposisyon at sa kawalan ng pagkatao, na humahantong sa kanilang pagkahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan. Kung titingnan ito mula sa perspektiba ng terminong ito, ang “pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan” ay nangangahulugang madalas na pagpapahayag na ang katunayan ay kasinungalingan, at ang kasinungalingan ay katunayan; tungkol ito sa pagbabaliktad ng puti at itim at pati na rin sa pagdaragdag ng mga di-totoong detalye sa mga katunayan, pagbibintang ng mga walang-basehang akusasyon, paggawa ng mga walang-batayang panghuhusga, at pagsasalita kung paano man gustuhin ng isang tao. Ang gayong mga tao ay hindi kailanman naglalagay ng positibong anggulo sa mga bagay-bagay; ang sinasabi nila ay hindi nagpapatibay sa mga tao, at walang anumang pakinabang o tulong na naibibigay sa mga tao. Sa proseso ng pakikisalamuha, pakikibahagi, at pakikipag-ugnayan sa kanila, ang akto ng pakikinig sa kanilang magsalita ay madalas na naglulugmok sa puso ng mga tao sa kadiliman at kalabuan, at nagsasanhi pa nga sa mga ito na mawalan ng pananalig sa kanilang pananampalataya, kaya’t nawawalan ang mga ito ng ganang manampalataya sa Diyos, at hindi mapayapa ang isipan ng mga ito tuwing may mga espirituwal na debosyon at pagtitipon. Kadalasang nababagabag ang isipan at espiritu ng mga ito dahil sa mga pahayag tungkol sa kung ano ang tama at mali at sa tsismis na ikinakalat ng gayong mga indibidwal, at nagsisimula ang mga ito na tingnan nang negatibo ang lahat ng tao at walang makita kundi ang mga kamalian ng iba. Madalas, pagkatapos marinig na nababaluktot ang mga katunayan at kasinungalingan, nagugulo ang normal na pag-iisip ng mga tao, at maging ang mga tamang pananaw nila sa mga usapin ay nagugulo, na ginagawang mahirap para sa kanila na makilatis kung ano ang tama at kung ano ang mali. Iyong mga walang pagkilatis ay madalas na naeengganyo at natutukso, nang hindi man lang ito namamalayan, dahil sa ilang bagay na sinasabi ng mga tao na nambabaluktot sa mga katunayan at kasinungalingan. Iniisip nila, “Walang pininsalang sinuman ang mga taong iyon, normal silang nakikilahok sa mga pagtitipon, minsan pa nga ay nagkakawanggawa at tumutulong sila sa iba, at wala silang ginawang anumang masama.” Gayumpaman, ang madalas na kinahihinatnan ng mga pakikisalamuha nila sa gayong mga indibidwal ay na nasasadlak sila sa mga isyu ng tama at mali at nasasadlak sila sa tukso, at nasasadlak sila sa gitna ng mga emosyonal na gusot sa pagitan ng mga tao, at mga di-angkop na relasyon ng mga tao. Ang mga taong ito na

nambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan ay bihasa sa panggugulo sa mga angkop na relasyon ng mga tao at sa pananabotahe sa ilan sa mga dalisay na pagkaunawa sa isipan ng mga tao. Sa pananaw nila, ang sinumang mga indibidwal na may mabuting relasyon at maaaring sumuporta at tumulong sa isa't isa ay nagiging target ng mga lihim nilang pag-atake at panghuhusga. Gayundin, ang sinumang gumagawa ng tungkulin niya nang may kaunting katapatan at medyo gumugugol ng sarili niya ay isa ring target ng mga pag-atake nila. Gaano man kabuti o kapositibo ang isang bagay, naghahanap sila ng mga paraan para siraan ito. Gumagawa sila ng mga patagong puna tungkol sa lahat ng bagay, nagkokomento sa bawat usapin, at may mga sarili silang pananaw sa lahat ng isyu. Ang mga pananaw na ito ay hindi man lang mga tunay na pananaw; sa halip, nagsasalita sila ng walang kabuluhan, nagpapalito sa mga katunayan at kasinungalingan, at binabaliktad ang puti at itim; para makamit ang isang layon, o makapaghasik ng sigalot sa pagitan ng mga tao, o makapanirang-puri sa ilang indibidwal, umaabot pa nga sila sa puntong sadya at walang-ingat silang gumagawa ng mga kuwento sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga di-totoong detalye sa mga katunayan at paggawa ng mga walang-basehang akusasyon, gumagawa ng kuwento nang walang batayan. Iyong mga hindi nakakaalam sa mga katunayan ay nakikinig sa kanilang magsalita at iniisip na ang mga pahayag nila ay tila makatwiran at hindi posibleng maging mali, at sa gayon ay nalilihis ang mga ito. Ang ganitong uri ng tao na mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan ay gumagawa ng mga patagong puna sa anumang positibong usapin. Dahil ba ito sa pagkakaroon nila ng pagpapahalaga sa katarungan? (Hindi.) Nilalabanan nila at hindi nirerespeto ang mga aktibong nagsasagawa ng tungkulin nito, ang mga tapat, ang mga masigasig na gumugugol ng sarili nila, at ang mga may konsensiya at katwiran. Kung gayon, ano ang dahilan ng walang-ingat na pananalita ng mga indibidwal na ito? Nasaan ang ugat nito? Bakit sila palaging mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan? (Dahil di-mabuti ang kanilang pagkatao.) Tama; ito ay dahil sa di-mabuting pagkatao. Kung mabuti ang pagkatao nila, hindi sila mambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan. Ang pagsasalita ay dapat na batay sa konsensiya at pagkamakatwiran; hindi dapat magbulalas ang isang tao ng mga baluktot na teorya at maling paniniwala sa bawat pagkakataon. Ang ugat ng pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan ay ang di-mabuting pagkatao. Ang anumang sabihin ng gayong mga tao ay nag-iiwan ng hindi magandang impresyon; sa banayad na pananalita, nanghuhusga sila ng iba, subalit ang totoo, ang mga salita nila ay naglalaman ng ilang elemento ng mapaminsalang intensyon na magkondena at magsumpa, at ng mga pahiwatig ng panunulsol, pagkainggit, pagsuway, pagkamuhi, at maging ng lalo pang pang-aagrabyado sa mga taong nahihirapan na nga. Sa pagbubuod, ang mga ito ang mga pangunahing katangian ng kanilang pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan. Bukod sa mga katangiang ito, may isa pang parehong katangian ang gayong mga indibidwal: Masama ang loob nila sa mga taong may mga bagay na wala sa kanila, at pinagtatawanan nila ang mga

tao na wala ng mga bagay na mayroon sila. Mabuti ba ang pagkatao nila? (Hindi.) Ang mga ganitong uri ng indibidwal, na masama ang loob sa mga taong mayroon ng mga wala sila, at pinagtatawanan ang mga taong wala ng mga bagay na mayroon sila, ay nakararamdam ng inggit sa sinumang mas mahusay sa kanila at sinisiraan ang mga ito nang patalikod, hinuhusgahan at kinokondena ang mga ito; samantala, kung may sinumang mas mababa sa kanila, pangisi nilang pinagtatawanan ang mga ito, handang kutyain, libakin, at hamakin ang taong iyon. Hindi nila kayang arukin nang tama ang anumang usapin, o harapin ito batay sa pinakapayak na mga moral ng tao. Hindi nila kailangang hangarin na pagpalain ang sinuman, ni hangarin ang ikabubuti ng sinuman, o hangarin na matupad ang gusto ng mga ito, o hangarin na tahakin ng mga ito ang tamang landas; subalit kahit papaano man lang, dapat nilang tasahin nang tama ang iba nang walang kinikimkim na anumang malisya—nabibigo sila kahit dito. Ano ang ugat ng kanilang pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan? Malinaw na makikita sa kanilang pananalita, at sa saloobin nila sa iba, at sa iniisip nila at paraan ng pagtrato nila sa iba sa kaibuturan ng puso nila, na ang pagkatao ng mga ganitong uri ng tao ay mapaminsala. Bagama't ginagamit lang ng mga ganitong uri ng tao ang bibig nila sa pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, sa likod ng mga pagkilos na ito ay naroroon ang mga tagumpay at layon na hinahangad nilang makamit, pati na rin ang mga tunay na pananaw at saloobin nila sa mga tao at mga usapin, sa kaibuturan ng puso nila. Isantabi muna sa ngayon kung iyong mahihilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan ay naaarok bang mabuti ang katotohanan, at kung sila ba ay mga taong nagmamahal sa katotohanan, batay sa katangiang ito ng pagkatao nila—ang pagkahilig sa pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan—maaari ba silang magkaroon ng anumang mabuti o positibong impluwensiya sa mga kapatid sa iglesia? (Hindi.) Siguradong hindi!

Tingnan natin ang ilang partikular na halimbawa para makita kung anong mga pagpapamalas mayroon ang mga taong nambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan. Sabihin natin, halimbawa, na may isang sister na may napakayamang pamilya, subalit alang-alang sa pangangaral ng ebanghelyo at pagpapatotoo sa Diyos ay iniwan niya ang mga kasiyahan ng laman at iniwan ang tahanan niya para gawin ang kanyang tungkulin. Sabihin ninyo sa Akin, ano ang magiging tingin ng mga normal na tao sa sitwasyong ito? Hindi ba't hahangaan at kaiinggitan nila siya? Kahit papaano man lang, iisipin nila na kapuri-puri at karapat-dapat tularan ang kapatid na ito dahil kaya niyang isakripisyo ang kasiyahan ng laman para gawin ang kanyang tungkulin. Subalit paano naman nagkokomento sa kanya iyong mahihilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan? Sinasabi nilang, "Pinalalampas niya ang buhay ng isang mayamang tao para lumabas at mangaral ng ebanghelyo buong araw; kung magpapatuloy siya nang ganito, sa malao't madali ay palalayasin siya ng kanyang asawa! Hindi ba't ang pananampalataya sa diyos ay pawang para makatanggap ng mga pagpapala at pagsasaya? Tingnan ninyo siya, may mga pagpapala subalit hindi alam kung paano

tamasahin ang mga ito, tinatalikdan ang kanyang pamilya at propesyon para buong-pusong gawin ang tungkulin niya; hindi ba't kahangalan iyon? Kung ganoon kayaman ang pamilya ko, magpapakasaya na lang ako sa bahay." Sabihin ninyo sa Akin, may isang pangungusap ba sa mga salitang iyon na naaayon sa pagkatao, na nagpapatibay sa iba? (Wala.) Iyong mga may kaunting pagkilatis, kapag narinig ito, ay iisiping, "Hindi ba't pambabaluktot ito ng mga katunayan? Likas na positibong bagay para sa isang mananampalataya na talikuran ang lahat para igugol ang sarili niya sa Diyos at na hindi maghangad ng mga materyal na kasiyahan, subalit kinokondena nila ito." Kung maririnig ito ng isang taong walang pagkilatis, maililihis at magugulo siya; ang sigasig niya sa pananampalataya sa Diyos, at ang sigasig niyang talikuran ang mga bagay-bagay at igugol ang sarili niya para gawin ang kanyang tungkulin ay kaagad na lubhang maaapektuhan. Bagama't kakaunti ang mga salita ng mahihilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, malaki ang negatibong epekto nito sa iba, sapat na para gawing negatibo ang pakiramdam ng isang tao sa loob ng ilang panahon at hindi siya makabawi mula rito. Hindi ba't ito ang kaso? (Oo.) Ang ilan lang na tila makatotohanang salita ay maaari nang makalason sa ilang tao pagkarinig dito. Ano ang sinasabi nito tungkol sa pagkatao ng mga nagsasabi ng gayong mga nakalalasong salita? (Hindi ito mabuti.) May anumang pangungusap ba sa mga salita nila na maaaring magpatatag sa pananalig ng isang tao pagkatapos marinig ang mga ito? (Wala.) Ano ba ang lahat ng salitang ito? Sa malawak na pananalita, ang lahat ng ito ay mga salita ng mga hindi mananampalataya; walang kahit isang pangungusap na dapat bigkasin ng sinumang sumusunod sa Diyos. Sa mas partikular, wala ni isang pangungusap na sinasabi ng mga taong ito ang sumasalamin sa anumang pagkatao. Ano ang ibig sabihin ng walang pagkatao? Ibig sabihin nito ay hindi man lang nagtataglay ng moralidad. Ano ang ibig sabihin ng kawalan ng moralidad? May maginhawang pamumuhay at mayamang pamilya ang sister na iyon, at ano ang saloobin ng mga taong ito? Pagkainggit lang ba ito na sinusundan ng pagnanais ng mabuti para sa taong iyon at pagkatapos ay magpapatuloy na lang? (Hindi.) Kung gayon, ano ang saloobin nila? Inggit, galit, sama ng loob, at pagkikimkim ng mga reklamo sa kanilang puso: "Karapat-dapat ba siyang magkaroon ng napakaraming pera? Bakit wala akong ganoong karaming pera? Bakit siya pinagpapala ng diyos at ako ay hindi?" Mayaman at masagana ang sister, kaya't nakararamdam sila ng inggit at pagkamuhi, wala ni isang salita ng tunay na paghanga o pagnanais ng mabuti para sa kanya. Ipinahihiwatig nito ang ganap na kawalan maging ng pinakapayak na moralidad. Mayaman ang sister, kaya't nagkikimkim sila ng pagkamuhi, halos umaabot na sa puntong sinusubukan na nilang nakawan o dayain siya sa kanyang mga ari-arian. Higit pa rito, ang sister na ito ay namumuhay sa isang mayamang pamilya, subalit nagagawa niyang iwanan ang magandang buhay at mga materyal na kaginhawahan para humayo at gawin ang kanyang tungkulin; para sa isang mananampalataya sa Diyos, ito ay isang bagay na karapat-dapat ipagdiwang, ito ay karapat-dapat hangaan at kainggitan. Ang mga tao ay dapat naghahangad ng ikabubuti

niya, at nagsisikap na mapalapit sa kanya at matularan siya. Subalit may sinasabi bang anumang katulad nito ang mga tao na mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan? (Wala.) Paano sila magsalita? Ang bawat pangungusap ay may kasamang mararahas na salita at may bahid ng pagkamuhi. Bakit sila nakapagsasalita nang ganito? Ito ay dahil hindi sila kontento at hindi sila nasisiyahan sa sarili nilang kalagayan, dahil nagkikimkim sila ng sama ng loob, at sa gayon ay ibinubunton nila ang galit nila sa mayamang kapatid na ito. Bilang isang mananampalataya sa Diyos, dapat partikular na pahalagahan, hangaan, kapulutan ng kaalaman, at tularan ng isang tao iyong mga aktibong nakagagawa ng kanilang tungkulin at nakapaghahangad sa katotohanan. Sa halip na matuto mula sa mga kalakasan ng sister para mapunan ang mga sarili nilang kahinaan, binabansagan pa siya ng mga taong ito bilang hangal at umaasa pa nga silang makikipagdiborsiyo sa kanya ang kanyang asawa; hinihintay nila ang kanyang pagbagsak. Kung sakaling talagang makikipagdiborsiyo ang asawa ng sister na iyon, hindi ba't matutuwa sila? Hindi ba't matutupad ang kahilingan nila? Sinasalamin nito ang mga tunay nilang damdamin, at pati na rin ang kanilang intensyon at pakay. Hindi sila naghahangad ng ikabubuti ng iba; ang makitang nasa mabuting kalagayan o mas mahusay sa kanila ang ibang tao ay pumupuno sa kanila ng inggit at sama ng loob. Gaano man kalakas ang pananalig ng ibang tao sa Diyos, kung ang indibidwal na iyon ay mas magaling kaysa sa kanila, hindi nila ito matatanggap. Ganap na wala silang pagkatao, at walang kakayahang bumigkas ng kahit isang salita ng pagpapala o pagpapatibay. Bakit hindi nila kayang magbanggit ng gayong mga salita? Dahil napakasama ng kanilang pagkatao! Hindi sa hindi nila gustong magsalita, o na wala sila ng mga tamang salita; kundi, dahil puno ng inggit, sama ng loob, at galit ang puso nila kaya't imposible para sa kanila na magbanggit ng mga salita ng pagpapala. Kung ganoon, maipahihiwatig ba ng katunayang puno ang puso nila ng gayong mga tiwaling bagay na mapaminsala ang pagkatao nila? (Oo.) Maipahihiwatig nito. Dahil nagpapakita sila ng gayong mga tiwaling disposisyon, nagiging madali para sa iba na makilatis ito, at nahahalata ng iba ang tiwaling diwa nila.

Narito ang isa pang halimbawa. May isang sister na, bago manampalataya sa Diyos, ay palaging nakikipag-away sa asawa ng kanyang bayaw. Kalaunan, pareho silang nagsimulang manampalataya sa Diyos at, sa pamamagitan ng pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos, natutunan nila ang ilang katotohanan. Napagtanto nila kung paano dapat umasal at makisama sa iba ang isang tao, at habang nabubunyag ang kanilang katiwalian, nagawa nilang maging bukas sa isa't isa at subuking kilalanin ang sarili nila, na ginawang mas maayos ang kanilang relasyon. May mga tao na maiinggit sa kanila at magsasabing, "Tingnan mo sila, nananampalataya sa Diyos ang buo nilang pamilya at ang maghipag ay para lang tunay na magkapatid. Hindi ba't dahil itong lahat sa pananampalataya nila sa Diyos? Ang mga pamilya ng mga walang pananampalataya ay hindi talaga kayang magkasundo, palaging nag-aaway at nakikipagkompetensiya sa isa't isa, kahit na ang magkakapatid mula sa iisang ina. Mas mabuti ang mga

mananampalataya; kahit na hindi tunay na magkapatid ang maghipag, hangga't sila ay nananampalataya sa Diyos, may magkakatulad na layong hinahangad, tumatahak sa parehong landas, at nagkakaintindihan sila, magkatugma sila sa espiritu, na kahanga-hanga!" Ipinakikita nito na ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos ay naiiba kaysa sa mga walang pananampalataya. Nagsasama-sama ang mga tao mula sa magkakaibang pamilya na may magkakatulad na layon at hangarin, magkakatugma sa sambahayan ng Diyos at sa harap ng Diyos. Ang layon sa pagsasabi nito ay para ipaalam sa mga tao na ito ang epekto ng mga salita at gawain ng Diyos, isang biyayang ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao. Ito ay isang bagay na wala at hindi kayang tamasahin ng mga walang pananampalataya. Kahit papaano man lang, pagkatapos marinig ito ay mararamdaman ng isang tao na mabuti ang manampalataya sa Diyos at magkakaroon siya ng magandang impresyon sa pananampalataya sa Diyos. Subalit pakinggan ang sasabihin ng taong mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan tungkol dito: "Hmph! Maaaring nakikita mo na tila nagkakasundo sa panlabas ang maghipag na iyon, maayos ang lahat tuwing may mga pagtitipon—subalit hindi ba't nagtatalo rin sila kung minsan? Hindi mo alam, napakatindi nilang magtalo dati!" Sinasabi ng iba, "Ang mga dati nilang alitan at pagtatalo ay dahil hindi sila nanampalataya sa Diyos at hindi nila naunawaan ang katotohanan. Magkasundong-magkasundo na sila ngayon! Ito ay dahil ngayon ay pareho na silang nananampalataya sa Diyos, nakauunawa sa ilang katotohanan, at kaya nang maging bukas sa isa't isa sa pagbabahaginan at nalalaman ang sarili nilang mga katiwalian, at madalas na ginagawa ang mga tungkulin nila nang magkasama. Bagama't may kaunting iringan pa rin sa pagitan nilang dalawa, karaniwan ay kaya nilang aminin sa isa't isa ang mga pagkakamali nila, at konsultahin ang isa't isa sa lahat ng ginagawa nila. Ito ay isang bagay na hindi kayang makamit ng sinumang walang pananampalataya, kahit pa sa mga kadugo nila." Subalit, sinasabi ng taong nambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan na, "Aling pamilya ba ang hindi nag-aaway? Kahit hindi na banggitin ang maghihipag, maging ang magkakapatid sa dugo ay nag-aaway, tama? Ang pagkakasundong tila mayroon sila ngayon ay pakitang-tao lang para sa iba. Sa sandaling mamatay ang biyenan nila, hindi ako maniniwalang hindi nila pag-aawayan ang mana! Hindi ba't ang pananampalataya sa diyos ay isang hangarin lang, isang uri ng espirituwal na kaaliwan? Talaga bang kaya nilang isuko ang napakalaking yaman dahil dito? Imposible!" May isang pahayag ba sa mga salitang ito ang naaayon sa mga katunayan? Mayroon bang anumang hangarin para sa mabuting kapakanan ng iba, anumang pagpapala? (Wala.) Mayroon bang anumang nagpapahayag ng personal na sentimiyento na ang pananampalataya sa Diyos ay tunay ngang mabuti, pagkatapos makitang tinatamasa ng iba ang biyaya ng Diyos tulad ng pagtamasa nila? (Wala.) Sa pananaw ng mga nambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, ang mga personal na pagbabagong nagaganap sa mga kapatid ay pawang panlilinlang; ang pagtatamo ng katotohanan at ang mga pagbabago sa disposisyon na nagmumula sa pananampalataya sa Diyos ay pawang huwad; hindi sila

naniniwalang kayang dalisayin ng Diyos ang mga tao, na kayang baguhin ng Diyos ang mga tao. Mula sa mga salita nila, makikita ng isang tao hindi lang ang kanilang pabasta-bastang panghuhusga, pagkamuhi, at pagsumpa sa mga tao, kundi pati na rin ang kawalang pananampalataya at pagkakaila nila sa epektong nakamit ng gawain at mga salita ng Diyos sa mga tao. May magandang relasyon ang maghipag, at nagpapakita sila sa isa't isa ng pagpaparaya at pasensiya kapag magkasama sila, dahil sa pananampalataya nila sa Diyos. Hindi komportable at hindi nasisiyahan sa kanyang puso ang taong ito na mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, at kaya sinusubukan niya ang lahat ng posibleng paraan para maghasik ng sigalot sa pagitan ng maghipag, magiging masaya kung mapagtatalo at mapag-aaway niya ang maghipag kapag nagkakatagpo ang mga ito. Anong klaseng pag-uugali ito? Anong klaseng mentalidad ito? Batay sa kanyang mentalidad, hindi ba't medyo baluktot ito? (Oo.) Pagdating naman sa kanyang ugali, hindi ba't kahindik-hindik ito? (Oo.) Subalit, nakikilahok pa rin sa buhay iglesia ang mga ganitong uri ng tao, at sa mga gumagawa ng kanilang mga tungkulin, maraming ganitong tao. Ang mga taong ito ay karaniwang tinutukoy na may "nakakalasong dila." Ang totoo, hindi lang nakakalason ang dila nila; ang panloob na mundo nila ay napakadilim at napakamakamandag! Anumang magagandang patotoong batay sa karanasan ang maaaring ibahagi ng mga kapatid, sa paningin nila, lahat ng ito ay artipisyal at guni-guni, at walang espesyal sa mga ito. Sinuman ang ginagawan ng Diyos ng gawain ng paghatol at pagkastigo, na nagdudulot ng malalaking nakakamit, kung kaya't nagagawa niyang tumayo at magbahagi ng kanyang karanasan at magpatotoo sa Diyos—sa kaibuturan ng mga indibidwal na ito, hinahamak nila ito, iniisip na, "Ano ba ang napakagaling doon? Matapos makinig ng napakaraming sermon, hindi ba't kahit sino ay magkakaroon ng kaunting pang-unawa? Nagsulat ka lang ng isang artikulo ng patotoong batay sa karanasan at nasisiyahan ka na, itinuturing mo na ang iyong sarili na isang mananagumpay? Gusto kong makita kung magrereklamo ka pa rin ba tungkol sa diyos kapag nagkaaberya ang mga bagay-bagay sa hinaharap. Kung kukunin sa iyo ng diyos ang iyong anak, gusto kong makita kung iiyak ka, at kung patuloy ka pa rin bang makapananampalataya sa diyos kapag nagkagayon!" Ano sa tingin ninyo ang pumupuno sa kanilang puso? Hindi ba't ito ay isang hangarin na masadlak ang buong mundo sa kaguluhan, isang takot na tahakin ng mga tao ang tamang landas? Sa pagbubuod, anuman ang mangyari sa pamilya ninuman, kailangan nilang magbigay ng ilang komento tungkol dito, subalit anuman ang sabihin nila, ang lahat ng taong ito ay may iisang katangian, na inaasam nilang walang sinuman ang nasa magandang kalagayan—nagsasalita sila tungkol sa lahat ng tao na para bang walang anumang merito ang mga ito; masaya silang pag-usapan ang iba na para bang basura ang mga ito, at palagi silang nagagalak sa kasawian ng iba. Kung ang isang tao ay may mayamang pamilya, naiinggit, nagagalit, at namumuhi sila, palaging nagrereklamo sa puso nila, at nag-aasam na alisin ng Diyos ang yaman at biyayang tinatamasa ng taong iyon at ibigay iyon sa kanila. Ang mga reklamong binibigkas ng

mga indibidwal na ito kapag nakatalikod ang mga tao ay sukdulang nakasusuklam na pakinggan. May pagkakatulad ba sila sa mga mananampalataya ng Diyos sa anumang paraan? Siyempre, ang mga ganitong uri ng tao ay mahusay rin sa pagbabalatkayo. Gaano man kamapaminsala o kadilim ang puso nila, sa presensiya ng mga kapatid sa mga pagtitipon, makikipagbahaginan din sila ng kanilang pagkaunawa at mga kabatiran, maglilitanya ng magagarbong doktrina para magbalatkayo, bubuo ng isang “maluwalhati” at mabuting imahe para sa sarili nila. Subalit kapag walang nakatingin, hindi sila nagsasalita o kumikilos na parang mga tao. Karamihan sa mga tao, kung hindi pa nila nakakasalamuha ang mga indibidwal na ito at hindi pa nila alam ang mga tunay na pagpapamalas ng mga ito o kung ano ang nasa kaibuturan ng puso ng mga ito, matapos lang marinig ang mga ito na magsalita nang tama sa mga pagtitipon, ay hindi matutuklasan kung gaano kaubod ng sama o kalupit ang pagkatao ng mga ito, o kung gaano kababa ang karakter ng mga ito, kundi iisipin pa ngang mabuti ang mga ito. Pagkatapos lang gumugol ng mas maraming panahon kasama ang mga ito at maunawaan ang mga kilos at pag-uugali ng mga ito kapag walang nakatingin, saka unti-unting magiging mapagkilatis ang mga tao sa mga ito at makararamdam ng pagkasuklam. Samakatwid, ang pagkilatis sa isang tao ay hindi lang dapat nakabatay sa magagandang salitang binibitawan nito sa mga pagtitipon; dapat ding pagmasdan ng isang tao ang mga kilos at salita nito sa buhay kapag walang nakatingin para makilatis ang diwa at tunay na mukha nito.

Bukod sa hindi pagsasalita tulad ng mga tao, may isa pang katangian ang uri ng mga tao na mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan: Gusto nilang magkomento sa lahat ng tao at lahat ng bagay, maging sa mga hindi pamilyar sa kanila o hindi pa nila kailanman nakasasalamuha, at hindi rin nila pinapalampas maging ang pinakamaliliit na usapin sa buhay ng ibang tao. Ang kinalalabasan ng pagkokomento nila ay na kahit gaano pa kapositibo ang isang bagay, binabaluktot ito ng kanilang pananalita para maging negatibo; kahit gaano pa kawasto ang isang bagay, nababaluktot ito para maging isang bagay na negatibo kapag dumaraan ito sa ubod ng sama nilang labi. Nasisiyahan sila rito, kaya nakakakain sila nang maayos at nakakatulog nang mahimbing. Sabihin ninyo sa Akin, anong klaseng nilalang ito? Halimbawa, kung ang ilang kapatid ay kumita nang maganda ngayong taon at may mas maalwang kalagayang pinansyal—naghahandog ng medyo mas malaki, higit sa ikasampu ng kanilang kita—naiinggit sila at nagsasabing, “Bakit napakalaki ng inihahandog mo ngayong taon? Ang pagtukoy ng Diyos sa kung mabuti ba o masama ang isang tao ay hindi batay sa kung gaano kalaki ang inihahandog mo. Anong silbi ng pagiging masigasig mo? Hindi kapos sa pera ang sambahayan ng diyos.” Lumalabas na naman ang mga hindi kanais-nais na salita, hindi ba? Sinuman ang gumagawa ng wastong bagay o ng bagay na naaayon sa katotohanan, hindi ito katanggap-tanggap para sa kanila, at nakararamdam sila ng labis na pagkasuklam sa kanilang puso. Sinusubukan nila ang lahat ng paraan para makontrol ka, naghahanap ng mga palusot para atakihin, akusahan, at kondenahin ka, hanggang sa magapi ka nila at matanggal nila ang pagiging positibo mula sa iyo, iniiwan

kang lubos na naguguluhan, at hindi magawang mapag-iba kung ano ang tama at kung ano ang mali. Pagkatapos ay masaya silang tumatawa, lihim na kinukutya ka at sinasabi sa sarili nilang, “Hanggang ganito lang pala ang kaya mo, subalit nagsasalita ka pa tungkol sa patotoong batay sa karanasan!” Isa itong diyablo na nagpapakita ng tunay na kulay nito, hindi ba? Hindi ba’t ito ang mga salita ng isang alipin ni Satanas, ng isang anticristo? (Oo.) Habang mas nagsasalita Ako tungkol sa ganitong uri ng tao, mas nagagalit at nasusuklam Ako. Nakatagpo na ba kayo ng gayong mga indibidwal? Anuman ang itsura o mga katangian ng mukha nila, kapag sila ay mambabaluktot na ng mga katunayan at kasinungalingan, nagiging kakaiba ang kanilang mga ekspresyon: nakangiwi ang mga labi, nakalihis ang mga mata, hindi tumitingin nang diretso sa iba, at tila nawawala sa pagkakaayos ang mga bahagi ng mukha ng ilang tao. Senyales itong ipinadadala sa iyo, sinasabi sa iyong magsasalita na sila na parang hindi mga tao. Ano ang gagawin mo, kung gayon? Tatanggapin mo ba ang senyales na ito o haharangan ito? (Haharangan ito.) Kailangan mong dumistansiya sa kanila, at sabihin sa kanilang: “Huwag kang magsalita; ayaw kong marinig ito. Masyado kang matsismis. Kung hindi ka magsasalita na parang isang tao, lumayo ka sa akin. Ayaw kong maapektuhan ng panggugulo mo; ayaw kong madamay sa mga di-wastong relasyong ito sa pagitan ng mga tao, hindi ko papansinin ang isang tulad mo.” Pagmasdan at tingnan ninyo kung sino sa inyo ang mahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, kung sino ang nagtataglay ng gayong pag-uugali, at agad kayong dumistansiya sa kanila. Ano ang katangian ng pagkatao ng mga indibidwal na ito? Ito ay makamandag na pagsasalita, o sa mas kolokyal na pananalita, pagkakaroon ng “nakakalasong dila.” Sa paglalantad ng mga makamandag na salita nila, makikita mo ang iba’t ibang pahayag na inilalabas nila; sa pamamagitan ng mga pahayag nila, makikita mo ang kanilang panloob na mundo, at eksaktong matutukoy kung ano ang pagkataong diwa nila, at kung sila ba ay masasamang tao. Ang ganitong uri ng mga tao, na mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, sa pamamagitan ng iba’t ibang senyales at pahayag na inilalabas nila, ay nagpapahintulot sa iba na malinaw na matukoy sila bilang masasamang tao. Ang ganitong uri ng mga tao ay lubos na nakatutugon sa pamantayan para mapaalis o mapatalsik; hindi dapat sila pakitaan ng awa. Dapat silang mapaalis, at hindi dapat mapahintulutang magdulot ng mga kaguluhan sa loob ng iglesia.

Katatapos lang nating magbahaginan tungkol sa mga katangian ng uri ng mga tao na mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, at dapat na maging malinaw mula sa sitwasyon ng pananampalataya nila sa Diyos at mula sa mga pagpapamalas ng kanilang pagkatao na sila ay isang uri ng tao na tutol sa katotohanan, at na hindi nagmamahal sa katotohanan. Mababa ang pagkatao nila hanggang sa puntong hindi na sila tinatablan ng katwiran, at wala man lang silang pinakapayak na moralidad ng tao; sadya lang na sa partikular nilang kaso, ang katangian ng mababa nilang pagkatao ay na partikular silang mahilig sa pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan. Mula sa mga salitang binibigkas nila, mapagmamasdan ang katangian

ng pagkatao nila, at ang pagkataong diwa nila; malinaw na ang ganitong uri ng mga tao ay mga indibidwal na may mababang pagkatao. Gaano kababa ang pagkatao nila? Mababa ito, umaabot sa punto ng pagiging masama, sa gayon ay naglalagay sa kanila sa kategorya ng masasamang tao. Ito ay dahil ang mga salitang karaniwan nilang sinasabi ay hindi lang paminsan-minsang pagrereklamo, at pagpapahayag ng kaunting inggit, o paminsan-minsang pagpapakita ng kaunting kahinaan ng tao; ang mga pagpapamalas nila ay hindi katulad ng sa isang karaniwan at ordinaryong tiwaling disposisyon, kundi sapat na para patunayan na maaari silang ikategorya bilang masasamang tao. Ito ang unang uri ng tao: iyong mahihilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan.

B. Pagkahilig na Manamantala

Ang ikalawang uri ng mga tao ay ang mga mahilig manamantala. Tiyak na may mga kuru-kuro ang ilang tao pagdating sa pagbabahaginan tungkol sa pagkahilig na manamantala, iniisip na, “Sino bang tiwaling tao ang hindi mahilig manamantala? Kalikasan ito ng tao; hangga’t hindi ito paggawa ng kasamaan, ano ba ang napakalubha sa kaunting pananamantala?” Ang pagkahilig na manamantala na pinagbabahaginan natin dito ay higit pa sa saklaw ng pagkahilig ng normal na tao na manamantala—umaabot ito sa punto ng kasamaan. Malamang na marami-rami ang ganitong uri ng tao sa iglesia, o kahit papaano ay isang bahagi man lang. Sa pagkukunwari na “lahat tayo ay magkakapatid,” nananamantala sila kung saan-saan, nananamantala sa mga kapatid, sa sambahayan ng Diyos, at sa iglesia. Ano ang mga ginagawa nilang pananamantala? Halimbawa, kung kinakailangang bumili ng bahay ng pamilya nila subalit wala silang sapat na pera, hindi sila lumalapit sa mga kamag-anak o kaibigan para manghiram ng pera, ni pumupunta sa bangko para mangutang; nangungutang sila sa mga kapatid, nang hindi binabanggit ang interes o kung kailan nila babayaran ang utang—inuutang lang nila ito. Ang sabihing “inuutang” nila ito ay pagsasabi nito nang maganda; ang katunayan ay kinukuha lang nila ito, dahil wala naman silang balak na ibalik ang pera o magbayad ng interes. Bakit nila pinupuntirya ang mga kapatid? Iniisip nila na dahil lahat sila ay mga kapatid, dapat silang tumulong sa oras ng pangangailangan, at kung may sinumang hindi tutulong ay hindi siya isang kapatid. Kaya, lumalapit sila sa mga kapatid para mangutang ng pera, nagdadahilan para maiparamdam sa mga kapatid na tama at wasto lang na magpautang sa kanila ng pera. Nakikita ng iba pang tao na nagmamay-ari ng kotse ang pamilya ng isang kapatid at lagi nila itong iniisip, palaging hinihiram ito kada ilang araw. Hinihiram nila ito subalit hindi ito isinasauli, at hindi ito nilalagyan muli ng gasolina, at minsan pa nga ay nayuyupi o nababangga nila ang kotse. Nagnanasa at nagpapakana sila matapos ang anumang masarap na pagkain, kapaki-pakinabang na bagay, o anumang bagay na makita nila na may halaga sa bahay ng iba, pinag-iimbutan ito para sa sarili nila. Kaninumang bahay sila magpunta, nagniningning sa kasakiman ng magnanakaw ang mga mata nila habang naghahanap at tumitingin sila kung saan-saan,

naghahanap ng anumang bentaheng maaari nilang makamit o anumang bagay na maaari nilang makuha—hindi nila palalagpasin maging ang isang maliit na halaman sa paso. Kapag lumalabas o kumakain kasama ang iba, hindi sila kailanman nag-aalok na magbayad para sa transportasyon o pagkain. Tuwing may nakikita silang isang magandang bagay ay gusto nilang bilhin ito, subalit kapag oras na para magbayad, pinasasalo nila sa iba ang bayarin at pagkatapos ay hindi man lang nila binabanggit ang usapin ng pagbabayad sa mga ito; gusto lang nilang manamantala, kahit para makakuha lang ng barya-barya. Kung gusto mong magkaroon ng magagandang bagay, ikaw mismo ang dapat magbayad para sa mga ito; kung ayaw mong magbayad gamit ang sarili mong pera, huwag ka ring maghangad na manamantala ng iba, at huwag kang maging masyadong gahaman; dapat mayroon kang kaunting integridad para makuha mo ang paggalang ng ibang tao. Subalit walang integridad ang ganitong uri ng indibidwal, gusto lang na manamantala, at mas lalo silang sumasaya habang mas nakakapanamantala sila. Ang paglitaw ba ng gayong mga tao sa iglesia ay isang kahihiyan o isang kaluwalhatian? (Isang kahihiyan.) Isa itong kahihiyan. Masasabi ba ninyong kinakailangan ang pananamantala nila nang ganito? Dahil ba ito sa hindi nila kayang bumili ng pagkain o sa hindi nila kayang tustusan ang pagkain ng kanilang pamilya? Hinding-hindi. Ang totoo, may sapat silang pera para gastusin at sapat na pagkain para kainin; sadyang napakatindi lang ng kasakiman nila, hanggang sa puntong tinatanggalan na sila nito ng kanilang integridad, at hanggang sa puntong nag-uudyok na ito ng pagkamuhi at pagkasuklam sa iba. Mabuti ba ang gayong tao? (Hindi.) May ilang tao na palaging naghahangad na manamantala kapag gumagawa ng mga tungkulin nila, nakararamdam ng pagkaagrabyado kapag nadedehado sila kahit kaunti, at nakararamdam ng pangangailangang magsalita tungkol dito. Kapag itinalaga sila sa isang gampanin, palagi nilang binabanggit ang paksa ng pera: “Ang pamasahe para sa isang biyahe ay magiging ganito-at-ganyan, ang tutuluyan ay magkakahalaga ng ganito-at-ganyan, ang pagkain ay magkakahalaga ng ganito-at-ganyan, at iba pa.” Sinasabihan silang, “Huwag kang mag-alala sa pera, ang iglesia ang magbibigay nito.” Subalit pagkatapos matanggap ang pera, pinoproblema nila ito, sinasabing: “Hindi ito sapat. Ano ang magagawa ko roon gamit lang ang 200 yuan? May kasabihan, ‘Magtipid sa bahay subalit magdala ng maraming pera kapag naglalakbay.’ Kailangan kong magdala ng karagdagan pang reserbang pera; kung hindi ko iyon magagamit lahat, ibabalik ko ang matitira sa iglesia.” Pagbalik nila, wala silang binabanggit na anuman tungkol sa kung may natira pa bang pera, ni hindi nila iniuulat ang mga nagastos nila. Nangangahas pa nga silang manamantala sa iglesia; mangangahas ba silang lustayin ang mga handog sa Diyos? (Oo.) Anong uri ng mga nilalang sila? Wala silang integridad, gayundin ng konsensiya at katwiran. Sasang-ayunan ba ng Diyos ang gayong mga tao? May iba pa ngang pumupunta sa mga lugar ng pagtitipon o mga lokasyong nagpapatuloy sa bahay para maligo, maghugas ng buhok, at maglaba, gamit ang washing machine, water heater, shampoo, sabong panlaba ng iglesia, at iba pa; sinasamantala nila maging ang mga

kagamitang ito, ginagamit ang mga pag-aari ng iglesia para makatipid sa sarili nilang mga gamit. Iniisip nila na dahil nananampalataya sila sa Diyos ay bahagi sila ng sambahayan ng Diyos, kaya anumang bagay na pagmamay-ari ng sambahayan ng Diyos ay malaya nilang magagamit, iniisip na sayang naman kung hindi ito gagamitin, o kung hindi ito kukunin, o kung hindi ito pakikinabangan; at kahit pa masira nila ito, wala silang balak na magbayad. Pagdating sa sarili nilang mga pag-aari, alam nilang tipirin ang paggamit ng mga ito at metikulosong pag-ingatan ang mga ito, subalit ginagamit nila ang mga kagamitan at aytem ng sambahayan ng Diyos paano man nila gustuhin, nang hindi nagbabayad kapag nasira nila ang mga ito. Mabubuting tao ba ang mga ito? Tiyak na hindi sila mabuti. Lalo na sa ilang pagkakataon kung saan kinakailangan ng iglesia na bumili ng ilang gamit, aktibo silang nagboboluntaryo, handang-handang asikasuhin ang gayong mga gampanin. Bakit sila masyadong masigasig? Naniniwala silang may pakinabang na makakamit, at mga kalamangan na makukuha; pagkatapos bilhin ang mga gamit, ibinubulsa nila ang anumang natitirang pera. Gusto nilang samantalahin ang anumang makakaya nila, iniisip na magiging sayang lang kung hindi nila ito gagawin; ito ang lohikang sinusunod nila. Kung hindi sila makakapanamantala, isinusumpa nila ang mga kapatid at isinusumpa ang sambahayan ng Diyos—isinusumpa nila ang lahat; sadyang sila ay masasamang demonyo, mababahong pulubi, mga ganap na manlilimos, iniaabot ang mangkok nila kung saan-saan para makapanlamang ng mga benepisyo at makapanamantala. Sinasabi ng mga tao na, “Palagi kang nanghihingi ng mga bagay-bagay; hindi ba’t isa ka lang mabahong pulubi?” Sumasagot sila, “Ayos lang, tawagin na ninyo ako ng kahit ano—kuripot, maramot, mabahong pulubi, manlilimos, dukha—ayos lang hangga’t makakalamang ako.” May anumang integridad ba ang mga ganitong tao? (Wala.) Hindi ba’t nagdudulot ng isang antas ng kaguluhan sa mga kapatid ang gayong mga tao? Lalo na sa mga pamilyang namumuhay sa mahihirap na sitwasyon, na kapos sa pananalapi, hindi ba’t nagdudulot sila ng isang antas ng kaguluhan at pinsala? (Oo.) Maaari ba nilang negatibong maapektuhan iyong mga mura pa ang tayog at labis na marupok? (Oo.) Nasusuklam ang mga tao makita pa lang sila; naiirita ang lahat ng nakakakita sa kanila, subalit masyadong nahihiya ang mga ito na tumanggi, kaya’t pumapayag ang mga ito na hayagang makikilan nila. Alam ng lahat na may masamang pagkatao at mababang karakter sila, subalit, kung isasaalang-alang na silang lahat ay mga kapatid, at dahil nakikitang minsan ay nakagagawa sila ng ilang tungkulin, na may kaunti silang pananampalataya, at paminsan-minsan ay medyo nagsisikap sila sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa bahay nila—para sa kapakanan ng mga bagay na ito, ang karamihan ng mga tao ay nagbulag-bulagan sa pag-uugali nila ng pananamantala saanman sila magpunta, at hindi ito sineseryoso. Gayumpaman, ang mga panggugulong idinudulot nila sa loob ng iglesia ay palala nang palala, sapat na para magdulot ng pagkabalisa sa karamihan ng mga tao; hindi ba’t problema ito? (Oo.) Ang mga indibidwal na ito, kahit pa hindi sila mga asong ulol na nangangagat ng mga tao kung saan-saan at maaaring makapatay sa pagkagat ng mga ito, ay parang

nakakainis na mga langaw na hindi pinagpapahinga ang mga tao sa pangungulit ng mga ito. Kung hindi sila paaalisin, magdudulot sila ng walang katapusang kaguluhan. Ang pananatili nila sa iglesia ay patuloy na hahantong sa kapahamakan, na pagkakaitan ng kapayapaan ang mga tao. Pagkatapos magulo, nakararamdam ng matinding pagkainis ang mga tao, madalas na nagkikimkim ng pagtutol sa gayong mga indibidwal; subalit dahil walang solusyon, tinitiis na lang nila ito nang paulit-ulit. Anong uri ng mga indibidwal sila? Mayroon pa ngang gayong mga kasuklam-suklam na tampalasan sa mga tao; bakit ba nananampalataya pa sa Diyos ang gayong mga indibidwal? Sadyang hindi sila karapat-dapat na mabuhay! Nananamantala sila ng anumang makakayanan nila—sobrang kahiya-hiya! Tamasahin mo na lang ang pinakamaraming materyal na bagay na kaya mong tamasahin; kung wala kang kapabilidad, huwag kang magtamasa, o manglustay ng pagmamay-ari ng iba. Kung mananamantala ka sa isang maliit at di-makabuluhang paraan dahil may iba na mapagkawanggawang nag-aalok ng isang bagay nang libre paminsan-minsan, o dahil mayroon kang partikular na pagkahilig sa isang bagay, o nahulog ang loob mo sa isang bagay, mapapatawad iyon ng lahat. Ayon nga sa isang kasabihan, “Nililimitahan ng kahirapan ang ambisyon”; hindi iyon isang malaking problema. Subalit kung palagi kang naghahangad ng mga kalamangan tulad nito, hanggang sa punto ng pagiging walang-hiya at walang pakundangan tungkol dito, at pagiging isang mabahong pulubi, o pagiging isang asong ulol o langaw sa paningin ng lahat, dapat kang kaagad na paalisin. Ang ganitong uri ng mga tao ay dapat ganap nang pangasiwaan para matuldukan na ang lahat ng isyung ito.

Para sa mga taong mahilig manamantala sa iba, hanggang saan ninyo sila kayang tiisin? Kung talagang hindi na ninyo sila kayang tiisin, at pakiramdam ninyo ay parang nakalunok kayo ng patay na langaw pagkatapos nila kayong masamantala—kung saan karamihan sa inyo ay hindi na makontrol ang galit at palaging nagrereklamo tungkol sa kanila kapag kayo ay magkakasama—sa puntong ito, hindi ba’t dapat ay napaalis na sila? (Oo.) Kapag hindi na ito matitiis pa, kapag umabot na ito sa sukdulan, dapat magtulungan ang lahat para paalisin sila. Ito ay pagtatanggal sa isang salot mula sa sambahayan ng Diyos, isa itong bagay na labis na nakapagpapalugod sa mga tao. Ang gayong tao ay isa lang mababang-uring tao, na nagdudulot ng kaguluhan sa karamihan ng mga tao. Maituturing ito na isang malubhang insidente na gumugulo at gumagambala sa buhay iglesia, pinupuwersa ang mga tao na magsama-sama para pagbahaginan at lutasin ang problema kaugnay sa taong ito. Makatarungan ang pagsasagawang ito, sapagkat ang kaguluhang dulot ng masamang tao na ito ay nakapinsala na sa ilang tao. Para mapigilan ang masamang tao sa patuloy na paggawa ng kasamaan, para mapanatili ang normal na kaayusan ng buhay iglesia, at para mapigilan ang hinirang na mga tao ng Diyos na mas lalong mapinsala, ang masamang tao ay dapat kaagad na mapangasiwaan at alisin. Kung maaari nilang iulat ang iglesia matapos silang paalisin, dapat matalinong maiparating sa kanila na: “Hindi ka pinaaalis o pinatatalsik. Umuwi ka para bumukod at magnilay sa iyong sarili. Kapag nakapagnilay ka na nang mabuti,

magsulat ka ng liham ng pagsisisi, at pagkatapos ay maaari ka naming muling tanggapin sa iglesia. Sa ngayon, sikapin mo munang kumita ng mas maraming pera at magsaya sa buhay; bukod pa rito, pag-isipan mo ang usapin ng pananampalataya sa Diyos. Sa ganitong paraan, hindi mo mapababayaan ang parehong aspekto." Ano ang tingin ninyo rito? (Mabuti.) Hindi natin sasabihing pinaaalis o pinatatalsik siya; iyon nga lang, mula sa araw na ito ay hindi na mananatili ang taong ito sa iglesia. Paano kung pangangasiwaan ito sa ganitong paraan? (Mabuti ito.) Mahusay ito! Walang pangangailangan para sa mga argumento o pagsasaayos ng mga atraso, isang simple at malinaw na solusyon lang, hayaan silang bumalik sa mundo para magtrabaho, kumita ng pera, at mamuhay ng sarili nilang buhay. Bilang pagbubuod, hindi naman ganoon kabuti ang pagkatao ng mahihilig manamantala ng iba. Bagama't hindi masasabing masama ito, ang karakter nila ng pagkahilig na manamantala ay ginagawa silang lubhang nakaiinis at kasuklam-suklam. Sinasamantala nila ang bawat posibleng pagkakataon! Kahit pa hindi gumagawa ng mga ilegal o kriminal na gawain ang gayong mga tao, ang pangmatagalang panggagambala at panggugulong idinudulot ng mga kilos at pag-uugali nila sa buhay iglesia—ang mga kinahihinatnang ito—ay mas malala pa kaysa sa anumang masamang gawa; sapat na ang mga ito para ilarawan sila bilang mga hindi mananampalataya o bilang masasamang tao na paaalisin sa iglesia. Ang paggawa nito ay ganap na titigil sa mga panggugulo sa iglesia at sa panliligalig ng mga hindi mananampalataya sa mga kapatid.

Pinagbahaginan natin kanina ang tungkol sa isang espesyal na paraan ng pangangasiwa sa mahihilig manamantala, isang pamamaraan na binuo batay sa mga espesyal na sitwasyon ng pang-uusig sa mainland. Sa mga iglesia sa ibang bansa, ayos lang na direkta silang paalisin. Gayumpaman, anumang uri ng mga tao ang puntirya ng isang paraan ng pangangasiwa, kinakailangang tiyakin na ito ay parehong may prinsipyo at matalino. Ang iglesia ay may mga atas administratibo at alituntunin, na pawang naglalayong protektahan ang normal na buhay iglesia para sa mga kapatid at ang normal na kaayusan sa paggawa ng mga tungkulin. Kung may sinumang gumugulo sa buhay iglesia o sa paggampan ng tungkulin ng mga kapatid, hindi ito pinahihintulutan; ang taong iyon ay itataboy ng Diyos. Tiyak na ang anumang panliligalig o panghihimasok sa pang-araw-araw na buhay ng mga kapatid ay hindi pinahihintulutan. Ito ay isang isyu na responsabilidad ng mga lider at manggagawa na lutasin. Maaaring may mga indibidwal na kamag-anak, kaibigan, o kakilala ng mga kapatid, na habang nagkukunwaring sila ay "mga kapatid," ay naghahangad na akitin at ilihis ang mga kapatid, hinahadlangan silang gawin ang kanilang mga tungkulin. Ang mga lider at manggagawa, o ang mga kapatid, ay may obligasyon at responsabilidad na pangasiwaan ang gayong mga indibidwal. Ang pag-uugali at mga pagkilos nila ay humahadlang sa paggawa ng iba ng mga tungkulin nito at pagsunod sa Diyos, at nagdudulot din ng mga kaguluhan sa gawain ng iglesia, kaya dapat na manguna ang mga lider at manggagawa para lutasin ang sitwasyon at magpatupad ng mga paghihigpit. Siyempre, may mga naaangkop tayong pamamaraan sa pagharap at pangangasiwa sa gayong mga indibidwal. Hindi na kinakailangang manakit o

manermon; kailangan lang nating gawing malinaw sa kanila ang diwa ng problema nila, at ang mga akusasyon at paratang laban sa kanila ng karamihan ng hinirang na mga tao ng Diyos, at sa huli ay sabihin sa kanilang: “Ang pagpapaalis sa iyo ay isang desisyon na ginawa at sinang-ayunan ng karamihan. Sumasang-ayon ka man o hindi, may awtoridad ang iglesia na gawin ang desisyong ito at pangasiwaan ka nang naaayon. Dapat kang sumunod.” Sa gayon ay nalulutas ang isyung ito, at ang gayong pangangasiwa ay ganap na may prinsipyo. Para sa mga taong mahilig manamantala, dapat silang tratuhin at pangasiwaan nang ayon sa mga prinsipyo. Kung gusto nilang manghiram ng isang bagay para samantalahin ka, maaari mo itong ipahiram sa kanila kung gusto mo, o maaari kang tumanggi kung ayaw mo; nasa sa iyo ang desisyon. Ang pagpapahiram sa kanila ay isang kabutihang-loob; ang pagtanggi ay karapatan mo. Kung sasabihin nilang, “Hindi ba’t magkakapatid tayong lahat? Napakakuripot mo naman, ni ayaw mong magpahiram ng isang bagay!” maaari kang sumagot ng: “Pag-aari ko ito, at may karapatan akong hindi ito ipahiram. Ito ay naaayon sa mga prinsipyo. Huwag mo akong pilitin gamit ang ‘magkakapatid tayong lahat’; ang sinasabi mo ay hindi ang katotohanan. Maliban na lang kung sabihin ng Diyos na, ‘Kailangang ipahiram mo ito sa kanila,’ saka ko lang ito ipahihiram sa iyo.” Walang sinuman ang may karapatang mangikil o manghiram ng personal na pag-aari sa ngalan ng iglesia o sa ideya na “Lahat tayo ay mananampalataya at lahat magkakapatid.” Ito ba ang katotohanan? (Oo.) Ito ang katotohanan. Tanging sa pagsunod sa katotohanang ito maaaring matiyak ang pagiging patas para sa lahat, at makapagtatamasa ang lahat ng kanilang mga tunay na karapatan. Subalit kung ginagamit ng isang tao ang mga palusot na “ang mga pangangailangan ng gawain ng sambahayan ng Diyos,” “ang mga pangangailangan ng gawain ng iglesia,” o “ang mga pangangailangan ng mga kapatid” para mangikil o manghiram ng mga personal na gamit, naaayon ba ito sa katotohanan? (Hindi ito naaayon.) May karapatan ka bang tanggihan ang mga kahilingang hindi naaayon sa katotohanan? (Oo.) At kung may isang taong tatawag sa iyo na kuripot o maramot dahil sa pagtanggi mo, matatakot ka ba? (Hindi.) Kung palalakihin masyado ng isang tao ang usaping ito, sasabihing hindi mo sinusuportahan ang gawain ng iglesia o na wala kang pagmamahal sa mga kapatid, na nagdudulot na tanggihan at ibukod ka ng mga kapatid, matatakot ka ba? Magpapaubaya ka. Sa sandaling iyon, maiisip mong, “Ano ba ang malaking usapin sa pagpapahiram ng sasakyan? Ayos lang kung hiramin ito ng iglesia, ng sambahayan ng Diyos, o ng mga kapatid. Mas mabuting huwag mapasama ang loob ng mga kapatid. Hindi nakakatakot na mapasama ang loob ng isang tao, subalit kung sasama ang loob ng lahat ng kapatid, at manlalamig ang puso nila sa akin, iiwan akong nakabukod, ano ang gagawin ko?” Dahil nananampalataya ka sa Diyos, ano ang dapat ikatakot? Ang pagbubukod nila sa iyo ay hindi nangangahulugang nagtataglay sila ng katotohanan o na naaayon ang mga kilos nila sa katotohanan. Ang katotohanan ay palaging ang katotohanan. Ito ang katotohanan, sinasang-ayunan man ito ng iilan o ng nakararami. Kung wala ang katotohanan, kahit pa magpasakop ang iilan sa nakararami, hindi ito ang katotohanan.

Ito ay isang katunayan na hindi maipagkakaila ninuman. Kung nagtataglay ba ang isang tao ng katotohanang realidad ay hindi nakabatay sa kung gaano siya kaaya-aya magsalita, kundi sa kung kaya ba niyang isagawa ang katotohanan at kumilos nang naaayon sa mga prinsipyo. Halimbawa, bumili ka ng isang bagong kompyuter para sa pagsasagawa ng iyong tungkulin, at may isang tao na nais itong hiramin, sinasabing ito ay para sa gawain ng iglesia. Tumanggi kang ipahiram ito sa kanya, at sinabi niyang: “Wala kang pagmamahal, hindi mo mahal ang Diyos, hindi ka nagsasakripisyo ng sarili mo. Kahit ang kaunting sakripisyong ito ay hindi mo magawa.” Tama ba ang mga salitang ito? Naaayon ba ang mga ito sa katotohanan? (Hindi.) Dapat kang sumagot ng: “Ang kompyuter na ito ay para sa paggawa ng aking tungkulin. Kasalukuyan kong ginagawa ang aking tungkulin, kaya hindi puwedeng mawalay sa akin ang kompyuter ko. Kung hihiramin mo ang kompyuter ko, hindi ba’t maaapektuhan niyon ang pagganap ko ng aking tungkulin? Aayon ba iyon sa katotohanan? Para saan mo ba mismo kailangan ang kompyuter? Sinasabi mong para ito sa gawain ng iglesia; kung ganoon ang kaso, kailangan mong humanap ng isang taong makapagpapatunay nito. Bukod pa roon, kahit pa para iyon sa gawain ng iglesia, hindi ka dapat manghiram sa akin. Ano ang gagamitin ko sa paggawa ng aking tungkulin kung kukunin mo ang kompyuter ko? Napakamakasarili mo! Huwag mong gawing dahilan ang mga pangangailangan ng gawain ng iglesia bilang palusot para manamantala, hindi ako maloloko niyan. Huwag mong isipin na ako ay isang taong magulo ang isip at walang pagkilatis; hinahangad mong manamantala, subalit hindi iyon mangyayari!” Kailangang magsalita nang ganito sa gayong mga tao, para maiwasang mahulog sa bitag ni Satanas. Madali bang lutasin ang isyung ito? Sa sandaling maunawaan mo ang katotohanan at kumilos ka nang naaayon sa mga prinsipyo, hindi mo kailangang matakot sa sasabihin ninuman. Huwag mong pansinin ang maling bansag nila sa iyo; hinding-hindi makakukumbinsi ng sinuman ang katiting na doktrinang iyon na binibigkas nila. Sa gayon, ang mga pagpapamalas ng pagkatao ng mga taong mahihilig manamantala at ang mga prinsipyo sa pangangasiwa sa kanila ay simple nang napagbahaginan.

Pagdating naman sa mga tao sa iglesia na mahilig manamantala, sa isang banda, kailangan silang mas tumpak at mas praktikal na kilatisin ng mga tao, at sa isa pang banda, kailangang maunawaan ng mga tao ang katotohanan; dapat maging malinaw sa puso nila ang dapat nilang maging paninindigan sa pananampalataya sa Diyos, ang gawaing dapat nilang gawin, ang mga prinsipyo na dapat nilang itaguyod, at ang saloobin na dapat mayroon sila sa mga tao, pangyayari, at bagay. Huwag sumunod sa karamihan, o matakot na mapasama ang loob ng mga tao, at lalo nang huwag isuko ang mga prinsipyo at paninindigang dapat mayroon ka para mapalugod ang ilang indibidwal, na hahantong sa pagpapasaya sa mga tao subalit makasasakit sa puso ng Diyos, na magdudulot na kasuklaman ka ng Diyos. Kung isa itong pagkilos na naaayon sa mga prinsipyo, kahit na ang paggawa nito ay nagpapasama sa loob ng mga tao o nagsasanhi na makastigo ka habang ikaw ay nakatalikod, hindi iyon masyadong mahalaga; subalit

kung isa itong pagkilos na hindi naaayon sa mga prinsipyo, kahit pa sa paggawa nito ay nagkakamit ka ng pagsang-ayon at suporta ng lahat, at nakakasundo mo ang lahat—pero ang isang bagay ay hindi mo ito mapangangatwiranan sa harap ng Diyos—ikaw ay nawalan. Kung pinapanatili mo ang magandang ugnayan sa karamihan, pinapasaya at pinapalugod sila at nakakatanggap ka ng kanilang papuri, pero sinasalungat mo ang Diyos, ang Lumikha, kung gayon ay isa kang dakilang hangal. Kaya, anuman ang gawin mo, dapat malinaw mong maunawaan kung ito ba ay naaayon sa mga prinsipyo, kung ito ba ay nakalulugod sa Diyos, kung ano ang saloobin ng Diyos dito, kung ano dapat ang maging paninindigan ng mga tao, kung anong mga prinsipyo ang dapat itaguyod ng mga tao, kung paano nagtagubilin ang Diyos, at kung paano mo ito dapat gawin—dapat malinaw muna sa iyo ang tungkol dito. Ang iyong mga ugnayan sa iba at ang iyong mga materyal na pakikipagpalitan at transaksiyon sa iba—binuo ba ang mga ito sa pundasyon ng pag-ayon sa mga prinsipyo? Binuo ba ang mga ito sa pundasyon ng pagpapalugod sa Diyos? Kung hindi, ang lahat ng ginagawa mo, gaano kahusay man ang pagpapanatili mo rito, gaano kaperpekto mo mang ginagawa ito, o gaano karaming papuri man ang natatanggap mo mula sa iba, hindi ito tatandaan ng Diyos. Kaya, ang mga prinsipyo ng iyong mga ugnayan at pakikisalamuha sa kahit kanino ay hindi dapat na may kinalaman sa kung nananamantala ba sila sa iyo o kung nananamantala ka ba sa kanila—hindi dapat binuo ang mga ito sa ganitong pundasyon. Sa halip, ang mga prinsipyong ito ay dapat na may kinalaman sa kung ang ginagawa ninyo ay naaayon ba sa mga katotohanang prinsipyo. Sa ganitong paraan lang ito maituturing na “ayon sa ating pananampalataya sa Diyos”; sa gayon mo lang masasabing, “Lahat tayo ay mananampalataya, lahat tayo ay magkakapatid”; sa gayon mo lang magagamit ito bilang isang saligan. Maliban sa mga bagay na may kaugnayan sa buhay pagpasok, tungkulin, at gawain ng iglesia, ang iba pang anumang ugnayan ay hindi dapat na nakabatay sa saligan na “mga kapatid.” Kung wala itong kinalaman sa tungkulin, buhay pagpasok, o normal na pakikipag-ugnayan ng mga tao, subalit palaging ginagamit na palusot ng isang tao ang “mga kapatid” para makamit ang isang partikular na layon, walang dudang hinahangad niya na magamit ang gayong mga pahayag, pamamaraan, at nakalalamang na kondisyon bilang dahilan para manamantala at magpakana para sa mga pansarili niyang kapakinabangan. Dapat maging mapagmatyag ang hinirang na mga tao ng Diyos laban dito, at tugunan ang gayong mga isyu nang may karunungan para maiwasang maloko. Ito ay dahil karamihan ng mga tao sa iglesia ay hindi nakauunawa sa katotohanan, at ang ilan pa nga ay mga hindi mananampalataya, kumikilos nang walang prinsipyo at gumagawa ng mga pabaya at masasamang gawa. Ang paggawa nila ng mga bagay-bagay sa pagkukunwaring “mga kapatid” ang pinakamadaling nakaiimpluwensiya at nakagugulo sa gawain ng iglesia. Ano ang layon sa pagsasabi ng lahat ng ito ngayon? Ito ay para linawin na sa komunikasyon o pakikisalamuha man sa iba, ang pundasyon ay dapat na nakabatay sa mga katotohanang prinsipyo. Pinipigilan nito ang mga di-wastong pakikitungo sa pagitan ng mga tao; siyempre, pinipigilan din nito ang mga

mahilig manamantala na makahanap ng mga butas na masasamantala, at kasabay nito ay pinipigilan iyong mga taong labis na nag-aalala sa kanilang dangal o na may mahinang pagkatao na palaging masamantala ng iba, palaging nadadaya, at palaging magdusa ng mga kawalan. May ilang tao—sa kabila ng hayagang mahirap na kalagayan ng sarili nilang pamilya—ay nauuwi sa “pagtatapang-tapangan” kahit mapinsala pa sila, ipinauutang ang pinaghirapan nilang kitaing pera dahil inuutang ito ng isang taong mahilig manamantala, sinasabing pinili niya ang mga taong ito dahil mataas ang pagtingin niya sa kanila. Ano ang nangyayari pagkatapos maipahiram ang pera? Naglalaho ang nanghiram. Pagkatapos, nagrereklamo ang nagpautang tungkol sa Diyos dahil sa hindi pagprotekta sa kanila. Pagkakaroon ba ito ng katwiran? Inakala mo ba na ang pananampalataya sa Diyos ay nangangahulugang hindi mo na kailangang mag-isip kapag gumagawa ng isang bagay, na ang Diyos ang mag-aasikaso ng lahat? Hindi ba’t ginagawa ka niyong inutil? Hinihingi ng Diyos sa mga tao na maging matapat, marunong, at na kumilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Hindi mo ba ito nauunawaan? Kung hindi ka kikilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyong ito, nararapat sa iyo na palaging magdusa ng mga kawalan at madaya. Sa huli, kapag wala ka nang matatakasan sa iyong buhay, sino ang puwede mong sisihin? Ikaw mismo ang nagdulot nito sa sarili mo. Ang iyong mga pagkilos ay hindi dahil sa pagmamahal; kahangalan ang mga iyon! Nagpahiram ka ng pera sa isang manggagantso para mapalugod siya, subalit kapag ikaw ang may kailangan ng pera, mahihingi mo ba ito mula sa sambahayan ng Diyos? Dapat bang akuin ng sambahayan ng Diyos ang responsabilidad na ito para sa iyo? Sa pag-asa na babayaran ng sambahayan ng Diyos ang gastusing ito, hindi ba’t nagkakautang ka sa Diyos? Kung walang daan palabas sa buhay, paano mo magagawa ang iyong tungkulin? Kung magdarasal ka sa Diyos, maaaring hindi ka Niya palugurin; magiging isang kaso ito ng pag-ani ng iyong itinanim, at nararapat lang ito. Sino ba ang nagsabi sa iyo na maging sobrang hangal! Sinabi ba sa iyo ng Diyos na magtiwala sa taong iyon? Sinabi ba Niya sa iyo na pautangin mo iyon ng pera? Hindi Niya ito sinabi; ito ay personal mong pagkilos, hindi kinakatawan ang layunin ng Diyos. Kung ang iyong mga personal na pagkilos ay mali at nagdudulot ng masasamang kahihinatnan, ikaw lang ang maaaring umako ng responsabilidad. Bakit mo ipapasa ang responsabilidad sa sambahayan ng Diyos o pananagutin ang Diyos para sa iyo? Bakit ka magrereklamo tungkol sa Diyos sa hindi pagprotekta sa iyo? Nasa hustong gulang ka na; bakit wala ka pa rin ng tamang panghusga na inaasahan mula sa isang taong nasa hustong gulang na? Magpapautang ka ba ng pera mo sa kahit kanino na humihingi sa lipunan? Kakailanganin mo itong pag-isipan, hindi ba? Bakit ka magpapautang ng pera sa isang tao dahil lang binanggit niya ang titulo ng “mga kapatid” sa kanyang kahilingan? Hindi ba’t ipinapakita nito na ikaw ay hangal? Hindi ka lang hangal, mangmang ka pa; napakamangmang! Akala mo ba na lahat ng kapatid ay tunay na nananampalataya sa Diyos, at na lahat sila ay nakauunawa sa katotohanan? Hindi bababa sa sangkatlo sa kanila ang hindi nagmamahal sa katotohanan, at mga hindi mananampalataya. Hindi mo

ba ito makilatis? Akala mo ba na lahat ng kapatid ay layon ng pagliligtas ng Diyos, tunay na hinirang ng Diyos? Hindi mo ba alam na “Marami ang tinawag, datapuwa’t kakaunti ang nahirang”? Sino ang kinakatawan ng mga kapatid? Kinakatawan nila ang tiwaling sangkatauhan! Kung magtitiwala ka sa kanila, hindi ba’t mangmang ka? Anuman ang masasamang kahihinatnan ng iyong mga personal na pagkilos, huwag mong hanapin ang sambahayan ng Diyos o ang mga kapatid; walang sinumang makatutulong sa iyo, ni walang obligasyon ang sinuman na umako ng responsabilidad para sa iyo. Ikaw ang nagdulot ng paghihirap na ito, ikaw ang magdusa nito; nasa iyo ang pananagutan. Gayundin, huwag mong dalhin ang mga usaping ito sa buhay iglesia para pagbahaginan o talakayin; walang gustong makinig dito, at walang obligasyon ang iba na asikasuhin ang magugulo mong usapin. Kung may isang tao na gusto talagang tumulong sa iyo, maaari ninyong lutasin ito nang pribado. Nauunawaan mo ba?

Ang pagbabahaginan tungkol sa mga usaping ito ay nagsisilbing paalala sa mga tao, nagpapalawak ng kanilang kaalaman, at nagbababala sa kanila, nililinaw na sa mga nananampalataya sa Diyos, may iba’t ibang uri ng mga tao. May isang mahalagang punto na dapat ninyong tandaan, na ilang beses Ko nang nabanggit dati: Ang mga nananampalataya sa Diyos ay pinili mula sa tiwaling sangkatauhan. Ano ang ipinahihiwatig nito? Ipinahihiwatig nito na bawat indibidwal ay ginawa nang tiwali ni Satanas, ang lahat ay may mga tiwaling disposisyon at kayang gumawa ng kasamaan sa iba’t ibang antas, at, sa tamang konteksto, ay makagagawa ng mga bagay na lumalaban sa Diyos. Ang pambabaluktot sa mga katunayan at kasinungalingan, at ang pagkahilig na manamantala, na kakatapos lang nating pagbahaginan, ay ginagawa ng mga mananampalataya; walang kaugnayan sa atin ang mga walang pananampalataya, kaya hindi natin sila babanggitin dito. Ang mga pagpapamalas na ito ng pagkatao na pinagbahaginan na natin ay mismong ang mga pagpapamalas ng mga nananampalataya sa Diyos. Kaya, huwag ninyong ituring ang titulong “mga kapatid” bilang isang bagay na dakila, marangal, o banal at hindi nalalabag. Kung gagawin mo iyon, kamangmangan mo na iyon. Hindi kailanman sinabi ng Diyos na, “Mahalaga ang mga kapatid. Sa sandaling maging mga kapatid sila, sila ay nagiging banal, nagiging mga katapatang-loob sila ng Diyos, ganap na mapagkakatiwalaan; ganap mo silang mapagkakatiwalaan, at anuman ang sinasabi o ginagawa nila ay ang katotohanan.” Hindi ito kailanman nangyari; ang mga ito ay mga kuru-kuro at imahinasyon mo. Kung hanggang ngayon ay hindi mo pa nakikita ang aktuwal na kahulugan sa likod ng titulong “mga kapatid,” mangmang ka nga talaga; walang kabuluhan ang iyong pakikinig ng mga sermon nitong mga nakalipas na taon. Hindi mo pa nga nalalaman kung anong uri ka ng tao, subalit sobra ka nang nagtitiwala sa iba, itinuturing sila—ang mga kapatid—bilang banal at dakila, paulit-ulit na nagsasalita sa kung paanong “ayaw ito ng mga kapatid,” “nagagalit ang mga kapatid,” “nagdurusa ang mga kapatid,” “ganito at ganyan ang mga kapatid,” nagsasalita tungkol sa mga kapatid nang may gayong pagkagiliw. Nakita mo na ba kahit saan sa mga salita ng Diyos na sinasabing ang mga kapatid ay napakamarangal at napakabanal, at labis na

mapagkakatiwalaan? Wala ni isang pangungusap, tama? Kung gayon, bakit ganoon ang magiging tingin mo sa kanila? Ipinapakita niyon na isa kang tunay na hangal. Samakatwid, gaano man kalaki ang pagkadehado o kawalan ang pinagdurusahan mo mula sa mga kapatid, ganap na sarili mo iyong kasalanan. Sa huli, ituring mo ang mga kawalan at pagkadehadong naranasan mo bilang matrikula. Isa itong leksiyon na dapat mong matutunan. Dapat ninyong palaging tandaan: Ang mga kapatid ay hindi kumakatawan sa katotohanan, lalong hindi sila kumakatawan sa Diyos; hindi sila katumbas ng malalapit sa Diyos, mga saksi ng Diyos, o mga minamahal na anak ng Diyos. Sino ba ang mga kapatid? Sila ay mga tiwaling tao, tulad mo rin; may mga kuru-kuro sila tungkol sa Diyos, hindi nila minamahal ang katotohanan, tutol sila sa katotohanan, mayroon silang mapagmataas na disposisyon, mayroon silang malulupit at buktot na mga disposisyon, may kakayahan silang itakda ang sarili nila bilang mga kaaway ng Diyos sa bawat aspekto, ginagawa ang mga tungkulin nila nang pabasta-basta, at nananamantala pa nga ng ibang mga kapatid gamit ang pagpapanggap na nananampalataya sa Diyos. Ano ang layon sa pagsasabi ng lahat ng ito? Hindi ito para maghasik ng sigalot sa pagitan mo at ng mga kapatid, kundi para tulungan kang makita nang malinaw ang tunay na kulay ng lahat ng tao, tratuhin nang tama ang titulong “mga kapatid,” tratuhin nang tama ang mga tao sa paligid mo, at bumuo ng mga tamang ugnayan sa lahat ng tao. Huwag mong subukang magtatag o magpanatili ng mabuting relasyon sa iba sa pamamagitan ng mga personal na pabor, materyal na palitan, pambobola, pagpapasiklab, pagpaparaya, o iba pang mga gayong pamamaraan, na may layong maisama ang iyong sarili sa mga kapatid. Hindi ito kinakailangan, at ang lahat ng ginagawa mo sa aspektong ito ay nakaririmarim at kasuklam-suklam sa Diyos. Ano, kung gayon, ang pinakamainam na paraan ng pamumuhay, ang pinakamainam na saloobin at prinsipyo sa pamumuhay na dapat taglayin ng mga tao? Ito ay ang salita ng Diyos. Ano ang sinasabi ng mga salita ng Diyos? Sinasabi ng mga ito na magtatag ng mga tama at normal na relasyon sa ibang tao. Paano itinatatag ang mga relasyong ito? Makipag-ugnayan, makipag-usap, at makisalamuha sa iba batay sa mga salita ng Diyos. Halimbawa, kung may isang tao na lilipat at nagtatanong siya kung may oras ka bang tumulong, kung gusto mo, maaari kang tumulong; kung ayaw mo naman dahil natatakot kang maaapektuhan nito ang iyong tungkulin, maaari kang tumanggi. Ito ay iyong karapatan at, siyempre, ang prinsipyo rin na dapat mong sundin. Hindi mo kailangang magparaya, nag-aalangan at naguguluhan ang isip na sumasang-ayon sa takot na mapasama mo ang loob niya o magambala ang pagkakaisa ng mga kapatid, at pagkatapos ay nakararamdam ng pag-ayaw sa puso mo, na negatibong nakaaapekto sa pagganap mo ng iyong mga tungkulin. Alam na alam mo na ang paggawa niyon ay salungat sa mga prinsipyo, subalit hinahayaan mo pa rin na kikilan ka ng iba at utus-utusan ka na parang isang alipin alang-alang sa pagpapalugod sa kanila at pagpapanatili ng magandang relasyon. Ang pagpapalugod mo sa ibang tao ay hindi isang mabuting gawa, at hindi ito tatandaan ng Diyos. Ang ginagawa mo ay para lang mapanatili ang mga ugnayan sa ibang tao; hindi ito pagkilos para sa kapakanan ng

gawain ng iglesia o para gawin ang iyong tungkulin, lalong hindi mo ito responsabilidad o obligasyon. Hindi kailanman tatandaan ng Diyos ang gayong mga pagkilos, at kahit pa gawin mo ang mga ito, mawawalan ng kabuluhan ang iyong paggawa. Kaya, kapag nahaharap sa gayong mga usapin, hindi ba't dapat na seryoso at maingat mong isaalang-alang kung paano pipili? May mga tao na hinihingan ng tulong, subalit talagang lubos silang ginagawang abala ng mga tungkulin nila, at nakapagsingit lang sila ng oras para dumalo sa isang pagtitipon o gumawa ng kaunting espirituwal na debosyon. Malinaw na hindi nila gustong pumunta, at ayon sa mga prinsipyo, hindi rin sila dapat pumunta. Subalit, dahil labis silang nag-aalala tungkol sa kanilang dangal, hindi nila magawang humindi. Sa huli, ano ang nangyayari? Pinahihintulutan nila ang mababaha at mapagsamantalang mga indibidwal na iyon na samantalahin sila, sinasayang ang oras na dapat sana ay inilaan sa kanilang buhay pagpasok. Hindi ba't isang kawalan iyon? Karapat-dapat lang ang kawalang iyon! Ang pagdurusa ng gayong kawalan ay hindi talaga karapat-dapat sa simpatiya o awa mula sa iba. Bakit sinasabing karapat-dapat na kawalan ito? Sino ba ang nag-udyok sa iyo na balewalain ang mga salita ng Diyos? Sino ang nagtulak sa iyo na matakot na mapasama ang loob ng mga tao? Kung mas pinipili mo na huwag mapasama ang loob ng mga tao kaysa pakinggan ang mga salita ng Diyos, nararapat lang sa iyo ang kawalang ito! May ilang nagsasabing, "Hindi nabubuhay ang mga tao nang hiwalay sa iba; may mga pakikipag-ugnayan dapat sa pagitan ng mga tao." Ang mahalaga ay kung paano ka makipag-ugnayan. Alin ang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo, naaayon sa mga layunin ng Diyos, at higit na kapaki-pakinabang sa iyong buhay pagpasok: ang mga pakikipag-ugnayang batay sa mga prinsipyo, o mga pakikipag-ugnayang walang prinsipyo, pagiging mapagpalugod ng mga tao na sinusubok na ayusin ang lahat? Alam mo kung alin ang dapat piliin, hindi ba? Kung alam mo kung paano pipili subalit patuloy ka pa ring nasasadlak sa putik, ikaw lang ang magpapasan sa pinakahuling kahihinatnan. Hindi ba't malinaw iyon? (Oo.)

Marami pa ring pagpapamalas ng pagkatao ng masasamang tao, at ang pagbabahaginan ngayon ay limitado, nakatuon lang sa mga aspekto ng pagkahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan at pagkahilig na manamantala sa iba. Pagkatapos marinig ang tungkol sa dalawang aspektong ito ay saka lang nagsisimulang magkaroon ng kaunting pakiramdam at pagkilatis ang karamihan ng mga tao, sinasabing, "Ganito pala ang masamang pagkatao!" Subalit talagang umiiral nga ang gayong mga tao sa iglesia, kaya ano ang dapat gawin? Hindi malaking isyu ang kanilang presensiya, dahil may mga prinsipyo at regulasyon ang iglesia; makapagpapatupad ito ng mga naaangkop na hakbang para pangasiwaan ang gayong mga indibidwal. Ang layon ng pagbabahaginan ngayon sa mga usaping ito ay para bigyang-kakayahan ang karamihan ng mga tao na magkaroon ng isang malinaw na pagkaunawa at pagkilatis sa dalawang uring ito ng masasamang tao, at pagkatapos ay magtulungan para mapaalis ang mga ito.

Nobyembre 20, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (25)

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikaapat na Bahagi)

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo." Sa mga nakaraang ilang pagkakataon, nagbahaginan tayo tungkol sa ilang aspekto na dapat kilatisin ng mga lider at manggagawa, pati na rin sa mahahalagang katotohanan na dapat nilang maunawaan, kapag ginagawa ang gawaing ito; ibig sabihin, nagbahaginan tayo tungkol sa kung paano makikilatis ang lahat ng uri ng masasamang tao. Paano tinutukoy ang lahat ng uri ng masasamang tao? Sila ang mga pumapasok sa sambahayan ng Diyos sa pagpapanggap na nananampalataya sila sa Diyos, pero hindi nila tinatanggap ang katotohanan at ginugulo rin ang gawain ng iglesia; ang lahat ng gayong mga tao ay kabilang sa kategorya ng masasamang tao. Sila ang mga tao na dapat paalisin o patalsikin ng iglesia; ibig sabihin, sila iyong mga hindi pinahihintulutang umiral sa loob ng iglesia. Pinag-iiba at hinihimay natin ang lahat ng uri ng masasamang tao batay sa tatlong pangunahing pamantayan. Anu-ano ang tatlong pamantayang ito? Ang una ay ang layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos. Ang ikalawa ay ang pagkatao ng isang tao—paghihimay sa pagkatao niya para makilatis at malinaw na makita kung kabilang ba siya sa mga dapat paalisin ng iglesia. Ano ang ikatlong pamantayan? (Ang saloobin ng isang tao sa kanyang mga tungkulin.) Ang saloobin ng isang tao sa kanyang mga tungkulin ang ikatlong pamantayan. Napagbahaginan na dati ang unang pamantayan. Tungkol naman sa ikalawang pamantayan—ang pagkatao ng isang tao—dalawang punto ang napagbahaginan na. Ano ang unang punto? (Pagkahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan.) At ang ikalawa? (Pagkahilig na manamantala.) Mula sa nilalaman ng dalawang puntong ito, maaaring tila hindi sapat na ikonsidera ang mga ito bilang mga pagpapamalas ng masasamang tao, pero batay sa mga detalyadong pagpapamalas na nauna Ko nang naibahagi, ang dalawang uring ito ng mga tao ay nanampalataya na sa Diyos nang ilang taon nang walang tunay na pagsisisi; ang mga iba't ibang pagpapamalas nila ay nakapagdulot na ng kaguluhan at pagkawasak sa buhay iglesia, sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at sa mga relasyon sa pagitan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ayon sa kanilang mga pagpapamalas at batay sa kanilang kalikasang diwa, ang dalawang uri ng taong ito ay dapat na mailagay sa kategorya ng masasamang tao. Dapat silang kilatisin at ilarawan

ng mga lider ng iglesia at ng hinirang na mga tao ng Diyos, at paalisin sila kaagad. Angkop ba ito? (Oo.) Ganap na angkop ito. Ang pag-uugali ng dalawang uri ng mga tao na ito sa iglesia ay may napakanegatibong epekto; wala silang anumang interes sa katotohanan, ni hindi talaga sila nagpapasakop sa gawain ng Diyos. Sa mga kapatid, ang isinasabuhay nila ay tila hindi naiiba sa mga walang pananampalataya; madalas silang magsinungaling at mandaya ng iba, ginagawa ang mga tungkulin nila nang pabasta-basta at nang wala ni katiting na pagpapahalaga sa responsabilidad, at hindi nagbabago sa kabila ng mga paulit-ulit na babala. Hindi lang nila naaapektuhan ang buhay iglesia kundi malubha ring nagugulo ang gawain ng iglesia. Walang duda, kabilang sila sa mga tao na dapat paalisin o patalsikin ng iglesia, at lubos na naaangkop na ilarawan sila bilang masasamang tao at itala sila sa mga hanay ng gayong mga tao—hindi talaga kalabisan na gawin ito. Tungkol sa unang uri, yaong mga mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, ang problema nila ay hindi kasingsimple ng pagsasabi ng mga bagay na hindi labis na naaangkop, o pagkakaroon ng mga hadlang sa komunikasyon kasama ng iba, atbp., sa halip, may problema sa disposisyon nila. Sa mas malalim na antas, ang problema sa disposisyon nila ay isang problema sa kalikasang diwa nila. Sa mas mababaw na antas, isa itong problema sa pagkatao nila; ibig sabihin, ang pagkatao nila ay labis na ubod ng sama at kasuklam-suklam, kaya imposible para sa kanila na makipag-ugnayan nang normal sa iba. Hindi lang sila kulang sa mga positibong pagpapamalas tulad ng pagtustos, pagtulong, o pagmamahal sa iba, bagkus, ang mga pagkilos at pag-uugali nila ay nagsisilbi lang din para manggulo, mangwasak, at manggiba. Kung may ilang tao na palaging nagsasagawa ng pambabaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan, at palagi itong ginagawa, hayagan man o palihim, na nagdudulot ng malulubhang negatibong epekto sa gawain ng iglesia at sa mga kapatid, kabilang sila sa mga dapat paalisin ng iglesia. Ang isa pang uri ay iyong mga mahilig manamantala. Anuman ang sitwasyon, palagi nilang hinahangad na magkamit ng kalamangan, na palaging nakatutok ang kanilang mga mata sa sarili nilang mga interes. Hindi sila nakatuon sa pagpasok sa katotohanang realidad, ni sa paggawa ng mga tungkulin nila nang maayos o sa pagtupad sa mga sarili nilang responsabilidad. Higit pa riyan, hindi sila tumutuon sa pakikisalamuha nang normal sa mga kapatid, sa paggamit ng lakas ng iba para punan ang mga sarili nilang pagkukulang at sa pagbuo ng mga normal na ugnayan, o sa pamumuhay ng isang normal na buhay iglesia. Hindi sila tumutuon sa alinman sa mga bagay na ito—nagpupunta lang sila sa iglesia at sa mga kapatid para manamantala. Hangga't naroroon sila sa iglesia, at hangga't nakikipag-ugnayan sa kanila ang mga kapatid, makararamdam ng pagkabahala ang kalooban ng mga kapatid. Hindi lang nakararamdam ng pagkamuhi ang mga kapatid sa mga pagkilos at pag-uugali ng mga taong ito, pero pangunahing madalas nakararamdam ang mga kapatid na masyado silang pinakikialaman at pinipigilan sa puso nila. Ano ang tinutukoy ng "masyado"? Ibig sabihin nito na sa mga sitwasyon sa tunay na buhay, kapag nahaharap sa panliligalig mula sa mga hindi mananampalataya o masasamang tao, may

ilang indibidwal na napipigilan ng mga damdamin nila at hindi magawang makawala, habang ang iba, bagaman ayaw ito, ay hindi nangangahas na magsalita pero palaging nararamdamang napipigilan sila at walang kapayapaan sa loob nila. Hindi ba't isa itong seryosong panggugulo sa mga kapatid? (Oo.) Kaya, dapat kilatisin ng hinirang na mga tao ng Diyos ang dalawang uri ng mga indibidwal na ito; ang lahat ng ikinategorya bilang masasamang tao ay kabilang sa mga dapat paalisin ng iglesia. Ang mga partikular na prinsipyo para sa pangangasiwa sa gayong mga indibidwal ay napagbahaginan na sa nakaraang pagtitipon, kaya hindi na pagbabahaginang muli ang mga ito nang detalyado ngayon. Sa pagbubuod, ang dalawang uri ng mga tao na pinagbahaginan sa itaas ay nagdulot ng mga panggugulo hindi lang sa buhay iglesia ng mga kapatid, kundi pati na rin sa maayos na pagganap ng mga tungkulin ng mga ito; ang mga pag-uugali ng ilan sa kanila ay malamang na makapagpatisod pa nga sa ilang bagong mananampalataya na walang pundasyon. Kaya, batay sa mga paraan at hakbang ng kanilang pagkilos, pati na rin sa iba't ibang pagpapamalas ng kanilang pagkatao at sa masasamang kahihinatnang idinudulot ng mga pagpapamalas na ito, ang dalawang uri ng mga taong ito ay kabilang sa mga dapat na paalisin, at ang pagtatala sa kanila sa mga hanay ng masasamang tao ay hindi talaga kalabisan. Bagaman ang mga pag-uugali niyong mga mahilig mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan at ng mga mahilig manamantala ay maaaring tila hindi kasingbastos o kasinglupit nang walang katwiran ng sa masasamang tao na tinukoy sa mga kuru-kuro ng tao—bagaman wala sila ng gayong mga halatang pagpapamalas—dahil sa masasamang kinahihinatnan ng mga pag-uugali nila at pagkatao nila ay kailangan silang paalisin sa iglesia. Ang mga ito ang mga pagpapamalas ng dalawang uri ng mga tao, at ang mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa kanila, na napagbahaginan noong nakaraan.

II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao

C. Pagiging Bulagsak at Walang Pagpipigil

Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng iba pang uri ng mga tao kaugnay sa kanilang pagkatao, simula sa ikatlong uri ng mga tao. Ano ang isang pangunahing katangian ng pagkatao ng mga taong ito? Ito ay ang pagiging bulagsak at kawalan ng pagpipigil. Ang pag-unawa sa pagiging bulagsak at kawalan ng pagpipigil mula sa literal na perspektiba ay napakadali; ibig sabihin nito na hindi tama ang pag-uugali, asal, at pananalita ng mga indibidwal na ito—hindi sila mga marangal at disenteng indibidwal. Ito ay isang pangunahing pang-unawa sa mga pagpapamalas ng ganitong uri ng mga tao. Sa iglesia, hindi maiiwasang maglaman ng mga paglihis at pagkakamali ang mga pananaw ng ilang tao sa pananampalataya sa Diyos at ang mga paraan ng paghahangad nila. Ang pananalita at asal nila ay walang anumang pagkadeboto, ang mga pagpapamalas nila sa buhay at ang kalidad ng pagkatao nila ay talagang hindi nakakatugon sa kagandahang-asal ng mga banal, at ganap na wala silang may-takot-sa-Diyos na puso. Sa pangkalahatan, ang kanilang

pananalita, pag-uugali, at asal ay mailalarawan lang bilang bulagsak at walang pagpipigil. Siyempre, ang mga partikular na pagpapamalas ay marami, nakikita ng lahat, at madaling makilatis. Ang mga indibidwal na ito ay katulad ng mga hindi mananampalataya at mga walang pananampalataya; sa partikular, nagpapakita sila ng mga tiyak na bulagsak na pag-uugali. Pagdating sa mga pagtitipon, napakakaswal ng kanilang pananamit at pag-aayos. May ilang hindi nag-aabalang mag-ayos ng sarili nila bago umalis ng kanilang bahay, nagpupunta sa mga pagtitipon nang magulo ang itsura, nang hindi sinuklay ang buhok at hindi naghilamos ng mukha. May iba na hindi maayos ang pananamit, nakasuot ng pudpod na tsinelas o maging ng damit-pantulog sa mga pagtitipon. May ibang namumuhay nang hindi maayos, hindi binibigyang-pansin ang personal na kalinisan, at ayos lang sa kanila na magsuot ng maruruming damit sa mga pagtitipon. Labis na kaswal kung tratuhin ng lahat ng taong ito ang mga pagtitipon, na para bang bumibisita lang sa kapitbahay, hindi ito sineseryoso. Sa mga pagtitipon, ang pananalita at asal nila ay wala ring pagpipigil, at nagsasalita sila nang malakas nang walang pakundangan, nasasabik pa nga at masiglang kumukumpas-kumpas kapag masaya sila, at nagpapakita ng labis na pagpapakasasa. Gaano karaming tao man ang naroroon, tumatawa, nagbibiro, at kumikilos sila nang magaslaw, nakaupo nang nakadekuwatro, at kumikilos na para bang nakatataas sila sa lahat ng tao; sila ay partikular na pasikat at mayabang pa nga, hindi tumitingin nang diretso sa mata ninuman kapag nakikipag-usap sa mga ito, sa halip ay palinga-linga sila kung saan-saan. Hindi ba't bulagsak ito? (Oo.) Partikular itong mapagpalayaw at walang ni katiting na pagpipigil. Siyempre, maaaring iugnay ng mga walang pananampalataya ang pananalita at asal ng gayong mga tao sa kawalan ng maayos na pagpapalaki, pero iba ang pagkakaunawa natin dito; hindi ito basta usapin ng kawalan ng maayos na pagpapalaki. Bilang mga nasa hustong gulang, dapat malinaw na malaman ng isang tao ang tama at angkop na mga paraan sa pagsasalita, pagkilos, at pakikisalamuha sa iba—sa partikular, dapat alam ng isang tao kung paano ito gawin sa paraang nararapat sa kagandahang-asal ng mga banal, na nakakapagpatibay sa mga kapatid, at nagpapakita ng normal na pagkatao—nang hindi na kinakailangan pang sabihan. Lalo na kapag isinasabuhay ang buhay iglesia, sa presensiya ng mga kapatid, bagaman hindi kinakailangan ang pagpapanggap, dapat magpigil ang isang tao. Ano, kung gayon, ang sukatan at kinakailangang pamantayan ng pagpipigil na ito? Ito ay ang umayon sa kagandahang-asal ng mga banal. Ang kasuotan at pananamit ng isang tao ay dapat na marangal at disente, iniiwasan ang kakaibang pananamit. Sa presensiya ng Diyos, dapat na maging taimtim ang isang tao, at hindi kumikilos nang magaslaw; siyempre, sa harap ng ibang tao, dapat din niyang mapanatili ang pagiging mataimtim at ang wangis ng tao, para maipresenta ang sarili niya sa paraang angkop, kapaki-pakinabang, at nakakapagpatibay sa iba. Ito ang nakalulugod sa Diyos. Yaong mga bulagsak at walang pagpipigil ay hindi nagbibigay-pansin sa pagsasabuhay ng mga pinakabatayang aspekto ng pagkatao, at ang isang tiyak na dahilan ng kanilang pagwawalang-bahala ay ang kanilang ganap na kamangmangan

kung paano maging isang taimtim na tao o isang tao na may integridad at dignidad na iginagalang; hindi talaga nila nauunawaan ang mga bagay na ito. Samakatwid, sa kabila ng paulit-ulit na mga pagtatakda at hinihingi ng iglesia para sa malinis, marangal, at disenteng kasuotan sa mga pagtitipon, nang hindi nagsusuot ng mga kakaibang damit, patuloy nilang hindi sineseryoso ang mga alituntuning ito, madalas dumarating nang nakatsinelas, magulo ang itsura, o maging nang nakadamit pantulog. Isa ito sa mga pagpapamalas niyaong mga bulagsak at walang pagpipigil.

Iyong mga bulagsak at walang pagpipigil ay nagpapamalas ng isa pang pag-uugali, ang magbihis nang sunod sa uso at maglagay ng makapal at kaakit-akit na makeup sa mga pagtitipon. Nagsisimula silang maggayak at mag-ayos dalawang araw bago ang bawat pagtitipon, pinagbubulayan kung anong makeup ang ilalagay, anong alahas ang gagamitin, anong estilo ng buhok ang pipiliin, aling damit ang isusuot, anong bag ang dadalhin, at aling sapatos ang isusuot. May ilang kababaihan ang naglalagay pa nga ng kaakit-akit na lipstick, eyeshadow, at nose contour, at sa mas matitinding kaso, may nagbibihis at naggagayak ng sarili nila sa isang labis na mapang-akit na paraan, naglalabas ng kanilang mga balikat at likod, at nagsusuot ng mga kakaibang damit. Sa mga pagtitipon, hindi sila nakikinig nang mabuti sa pagbabahagi ng mga kapatid, ni hindi sila nagdarasal; lalong hindi sila nakikilahok sa pagbabahaginan o nagbabahagi ng kanilang personal na pang-unawa at mga patotoong batay sa karanasan. Sa halip, ikinukumpara nila ang sarili nila sa lahat ng iba pa, nagpapakaabala sa kung sino ang mas maganda o mas pangit manamit kaysa sa kanila, sino ang nagsusuot ng mga partikular na usong branded na damit, sino ang nagsusuot ng mga mumurahing damit mula sa bangketa, magkano ang halaga ng pulseras ng isang tao, at iba pa; nakatuon lang sila sa mga bagay na ito, madalas pa ngang gumagawa ng gayong mga puna nang hayagan. Mula sa pananamit, pati na rin sa pananalita, pag-uugali, at asal ng mga indibidwal na ito, malinaw na ang pakikilahok nila sa buhay iglesia at ang pakikisalamuha nila sa mga kapatid ay hindi naglalayong maunawaan ang katotohanan, at lalong hindi ito para sa paghahangad sa buhay pagpasok para magkamit ng pagbabago sa disposisyon; sa halip, ginagamit nila ang oras sa mga pagtitipon para ipagyabang ang pagtatamasa nila ng pera at materyal na buhay. May ilang tao na dumadalo sa mga lugar ng pagtitipon nang nakasuot ng mga branded na damit para magpakitang-gilas, pinalalayaw nang lubos ang mga pagnanais nila para sa fashion at mga uso sa lipunan sa mga kapatid, inaakit ang iba na hangarin ang mga kalakarang ito at hinihimok ang iba na kainggitan at tingalain sila. Kahit napapansin nila ang mga tingin at saloobin ng pagkasuklam ng ilang kapatid sa kanila, nananatili silang mapagsawalang-bahala, ginagawa pa rin ang mga bagay-bagay sa sarili nilang paraan, nagsusuot ng matataas na takong, at nagdadala ng mga designer bag. Nagtatangka pa nga ang ilan na magpanggap bilang mga maykaya at mayayamang indibidwal, gumagamit ng mababang kalidad na pabango sa mga pagtitipon, kaya pagkatapos nilang pumasok sa silid, ang pinaghalo-halong amoy ng pabango, blush-on, at langis ng buhok ay lumilikha ng isang masangsang

at hindi kanais-nais na amoy. Marami pang ibang kalahok sa pagtitipon ang nagagalit pero hindi nangangahas magsalita, nakararamdam ng pagkasuklam pagkakita sa mga taong ito, at ang mga tunay na nananampalataya sa Diyos ay lumalayo sa mga ito. Medyo mamahalin o medyo kaswal man ang pananamit ng mga ito, ang tanda ng gayong mga indibidwal ay ang kanilang sobrang malaya at walang disiplinang pananalita, pag-uugali, asal, at paraan ng pamumuhay, hindi lang sa mga pagtitipon kundi pati na rin sa kanilang pang-araw-araw na pakikisalamuha sa mga kapatid o sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Para maging tumpak, sila ay partikular na mapagpalayaw, hindi napamamahalaan maging ng mga pinakakatiting na pagpipigil. Walang mga regular na pattern sa kanilang pang-araw-araw na buhay; sinasabi nila ang anumang gusto nila, kumikilos nang walang-ingat at sutil, hindi kailanman tinatalakay ang mga personal na karanasan, bihirang nagbabahagi ng kanilang pang-unawa sa mga salita ng Diyos, at bihirang nagsasabi ng tungkol sa mga kinaharap na paghihirap sa paggawa ng mga tungkulin nila. Ano lang ang mga paksang tinatalakay nila? Mga uso sa lipunan, fashion, mataas na kalidad na pagkain, ang pribadong buhay ng mga kilalang tao sa lipunan at maging ng mga sikat na personalidad, at mga kakaibang kuwento at anekdota mula sa lipunan. Mula sa mga likas na pagbubunyag nilang ito, hindi mahirap makita na ang pananampalataya ng gayong mga tao sa Diyos ay para makaraos lang sa buhay. Ganap na nakatuon ang buhay nila sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya, sa halip na sa gayong mga usapin tulad ng pamumuhay ng buhay iglesia, paggawa ng tungkulin nila, o paghahangad sa katotohanan. Ang ibig sabihin ng “bulagsak at walang pagpipigil” ay na ang paraan ng pamumuhay ng mga indibidwal na ito, ang isinasabuhay nila sa pagkatao, at gayundin ang mga pamamaraan nila ng pangangasiwa sa mga bagay-bagay, pagtrato sa iba, at pakikisalamuha sa iba ay pawang bulagsak at walang pagpipigil. Madalas nilang ginagaya ang mga sikat na ekspresyon sa lipunan; hindi mahalaga kung gusto bang marinig ang mga ito ng mga kapatid o kung mauunawaan ba nila ang mga ito, patuloy lang sa pagsasalita ang mga indibidwal na ito. Madalas pa nga nilang ginagaya ang mga kasabihan ng ilang kilalang tao sa lipunan at mga sikat na personalidad sa musika at pelikula. Tungkol naman sa mga positibong bokabularyong madalas na ginagamit sa sambahayan ng Diyos at ng mga kapatid, hindi sila kailanman nagpapakita ng anumang interes; hindi sila kailanman nagbabahagi tungkol sa katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang iniidolo nila ay ang mga kalakaran sa mundo; ang iba’t ibang kilalang tao at mga sikat na personalidad ang mga puntirya ng kanilang pag-idolo at panggagaya. Halimbawa, mabilis nilang natututunan ang mga popular na termino at parirala sa online at ginagamit ang mga ito sa kanilang buhay at sa pakikipag-usap sa mga kapatid. Siyempre, ang mga terminong ito ay tiyak na hindi positibo o nakakapagpatibay; lahat ng mga ito ay negatibo, walang halaga, at lalong walang kabuluhan para sa mga nananampalataya sa Diyos. Mga popular na ekspresyon ito na nilikha ng tiwali at masamang sangkatauhan, ganap na kinakatawan ang mga kaisipan at pananaw ng masasamang puwersa. Ang gayong mga salita ay madalas napapansin,

tinatanggap, at ginagamit ng mga hindi mananampalataya sa iglesia na mahilig sa masasamang kalakaran. Ganap silang sarado sa espirituwal na terminolohiya at bokabularyo ng sambahayan ng Diyos, hindi pinakikinggan o inaaral ang mga ito nang taimtim. Sa kabaligtaran, mabilis nilang natututunan at ginagamit ang mga negatibong bagay ng mundong walang pananampalataya at iyong mga bagay na binibigyang-pansin ng mga salaula na tao. Kaya, ang mga indibidwal na ito, hinuhusgahan man batay sa kanilang panlabas na pananamit, pananalita, at asal, o sa iba't ibang kaisipan at pananaw at mga saloobin sa mga bagay-bagay na ibinubunyag nila, ay namumukod-tanging kakaiba sa mga kapatid. Ano ang ibig sabihin ng pagiging kakaiba? Ibig sabihin na ang kanilang pananalita, pag-uugali, at asal ay katulad ng sa mga walang pananampalataya, hindi nagpapakita ng anumang pagbabago; sadyang sila ay hindi mananampalataya. Halimbawa, may ilang tao na umaawit ng dalawang himno sa entablado ng sambahayan ng Diyos at nakakamit ang pagpapahalaga ng lahat, kaya nagsisimula silang mag-isip na sila ay mga sikat na personalidad o mga bigatin, palaging iginigiit na gumamit ng makapal na makeup para sa mga pagtatanghal, ipinipilit na gayahin ang partikular na ayos ng buhok ng isang sikat na tao, at kinukulayan ito ng mga kakaibang kulay. Kapag sinasabi ng iba: "Dapat manamit ang mga mananampalataya nang may dignidad at nang disente; ang estilo mo ay hindi tumutugon sa mga hinihingi ng sambahayan ng Diyos," nagrereklamo sila, sinasabing, "Napakahigpit ng mga patakaran sa sambahayan ng diyos; talagang nakakaabala ito! Bakit ba napakahirap maging sikat?" Pagkatapos umawit ng dalawang himno lang, iniisip nilang mga sikat sila at iniisip na magaling sila, at tuwing wala silang ginagawa, palagi nilang pinagbubulay-bulayan: "Ilang daliri ang ginagamit ng mga sikat sa mundong walang pananampalataya sa paghawak ng mikropono? Ilang hakbang ang ginagawa nila para makatuntong sa entablado? Bakit hindi ako nakatatanggap ng mga bulaklak gayong napakahusay kong kumanta? Ang mga sikat doon sa mundo ay may mga ahente at assistant; hindi nila kailangang sila mismo ang mag-asikaso o tumugon sa karamihan ng usapin, ginagawa itong lahat ng mga assistant nila. Pero bilang isang mang-aawit sa sambahayan ng diyos, kailangan kong asikasuhin ang mga karaniwang gampanin tulad ng pagkuha ng pagkain, pagsusuot ng damit, at pamimili nang mag-isa. Masyadong konserbatibo ang sambahayan ng diyos!" Sa puso nila, palagi silang hindi masaya sa pamumuhay sa sambahayan ng Diyos; partikular silang nakararamdam ng pagkaagrabyado, palaging hindi kontento at puno ng mga reklamo. Kaya bang mahalin ng gayong tao ang katotohanan? Isasagawa ba niya ang katotohanan? Bakit hindi niya pinagninilayan ang sarili niya? Napakabaluktot ng perspektiba niya sa mga bagay-bagay, tulad ng sa mga walang pananampalataya; paanong hindi niya napagtatanto ito? Hindi siya hinahadlangan ng sambahayan ng Diyos na maging sikat, pero ang mga pananaw at diskarte ba niyang ito—na kagaya nang sa mga hindi mananampalataya—ay magagawa sa sambahayan ng Diyos? Pangunahin na hindi mapananatili ang mga ito. Ang karaniwan niyang pananalita at asal ay kinasusuklaman ng karamihan ng tao. Dahil sa

kanilang “malawak na pag-iisip” at labis na pagpapakalayaw, ang anumang sinasabi o ginagawa ng gayong mga tao ay bulagsak at walang pagpipigil, walang ibinubunyag na anuman kundi ang disposisyon ni Satanas.

Paulit-ulit na binibigyang-diin ng sambahayan ng Diyos na ang mga kapatid ay dapat magpanatili ng mga limitasyon sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, at hindi makisangkot sa kasalungat na kasarian. Gayumpaman, may ilang tao na bulagsak at walang pagpipigil, talagang hindi pinakikinggan ang payong ito, at sinusubukan pa ngang lihim na akitin ang iba o makipag-date sa iba, ginugulo ang buhay iglesia. Nasisiyahan sila sa pakikipag-ugnayan sa kasalungat na kasarian, naghahanap pa nga ng mga dahilan at palusot para makipag-ugnayan at makipagkulitan. Kapag nakakakita ng isang tao mula sa kasalungat na kasarian na kaakit-akit o nakakasundo nila, nagsisimula silang makipaghilaan at makipagtulakan, makipaglandian at makipagbiruan, pinaglalaruan ang mga damit nito at ginugulo ang buhok nito, at hinahagisan pa ng mga bolang niyebe ang mga damit nito kapag taglamig; nakikipagharutan sila sa isa’t isa na parang mga hayop, nang walang mga limitasyon o pagpapahalaga sa karangalan, hindi nakararamdam ng anumang kahihiyan. Sinasabi ng ilang tao, “Paano iyon maituturing na pakikipagharutan? Nagpapakita sila ng pagkagiliw; tinatawag iyong pagiging magiliw, pagiging romantiko.” Kung naghahanap ka ng romansa, mali ang napili mong lugar. Ang iglesia ay kung saan ginagawa ng mga kapatid ang kanilang mga tungkulin; ito ay isang lugar para sa pagsamba sa Diyos, hindi para sa pakikipaglandian. Ang mga pampublikong pagpapakita ng gayong pag-uugali sa harap ng lahat ay nagdudulot ng pagkasuklam at pagkasuya sa karamihan ng tao. Ang pangunahing isyu ay na hindi ito nakakapagpatibay sa iba, at nawawala rin ang iyong integridad at dignidad. Ilang taon ka na ba? Hindi mo ba matukoy ang kanang kamay mo sa iyong kaliwa? Hindi mo ba nauunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng mga lalaki at mga babae? At sa kabila niyon ay nakikipaglandian ka pa rin! Normal para sa mga batang pito o walong taong gulang na makipagharutan; ang ganitong pag-uugali at mga interes ay karaniwan sa kanilang edad. Gayumpaman, kung nagpapakita ang mga nasa hustong gulang ng ganitong mga pag-uugali, hindi ba’t pagiging isip-bata ito? Sa madaling salita, iyon mismo ito. Pagdating sa diwa, ano ito? (Pagpapalayaw, pagiging bulagsak.) Sobrang bulagsak ang lahat ng ito! Sa pananampalataya sa Diyos, dapat alam ng isang tao na magtaglay ng pagpapahalaga sa karangalan. Kahit sa mga walang pananampalataya, kakaunti ang umaasal nang napakabulagsak. Napakawalang kuwenta at kasuklam-suklam ang gayong mga bulagsak na tao! Ang paghahagis ng mga bolang niyebe sa mga damit ng kasalungat na kasarian para sa kasiyahan, hindi lang basta nakikipaghabulan dito nang mapaglaro kundi sinisipa pa ang puwitan nito—kapag may isang tao na naglalantad ng katunayan na ang gayong pag-uugali ay masyadong bulagsak at pinalalabo ang mga limitasyon sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, sumasagot sila, “Naghaharutan lang kami nang ganito dahil masyado kaming malapit sa isa’t isa; dapat maunawaan ito ng mga tao.” Nagpapakalayaw sila sa gayong antas, hindi lang pinahihintulutan ang sarili nila na magpakalayaw kundi inaakit din ang iba na

makisali sa kanilang pagpapakalayaw. Anong uri ng walang-hamak na tao ito? Sabihin mo sa Akin, dapat bang manatili ang gayong mga tao sa iglesia? (Hindi.) Palaging hindi kumportable at nakakaasiwa sa pakiramdam ang makasama ang ganitong uri ng tao. Kapag may nakikita silang isang tao, hindi nila ito binabati nang normal; sa halip, sinusuntok lang nila ito, sinasabing, "Nasaan ka ba nitong mga nakaraang taon? Akala ko ay naglaho ka na sa mundong ibabaw! Kumusta ka na?" Maging ang paraan nila ng pagbati ay sobrang malabarbaro at mayabang; hindi lang sila nagsasalita nang malabarbaro, kundi nagiging pisikal pa sila sa iba. Hindi ba't nahahawig ito sa pag-uugali ng mga maton at bandido? Gusto ba ninyo ang gayong mga tao? (Hindi.) Kumportable ba ang pakiramdam ng kinukutya at pinaglalaruan? (Hindi.) Hindi ito kumportable, at hindi mo man lang ito maipahayag; kailangan mo lang itong tiisin, at sa susunod na makita mo sila, iiwas ka na lang sa malayo. Sa pagbubuod, ano ang sinasabi nito tungkol sa kalidad ng pagkatao ng gayong mga tao? (Mababa ito.) Saang anggulo man sila tingnan—ito man ay sa kanilang pananalita at asal, kanilang personal na pagkilos, sa paraan nila ng pakikitungo sa mundo, at sa pakikipag-ugnayan nila sa iba, ang perspektiba nila sa mga kalakaran ng mundong walang pananampalataya, o sa paraan nila ng pananampalataya sa Diyos at sa saloobin nila sa Diyos at sa Kanyang mga salita—hindi mahirap makita na ang mga indibidwal na ito ay walang anumang pagiging mataimtim o may-takot-sa-Diyos na puso. Wala ring makikitang anumang pagiging taos-puso sa kanila na hanapin o tanggapin ang katotohanan. Ang napagmamasdan ay ang kanilang pagiging bulagsak at kawalan ng pagpipigil, ang kanilang patuloy na panggagaya sa mga sikat na personalidad at mga idolo, at ang kanilang kawalan ng anumang intensyon na magbago gaano man ibinabahagi ang katotohanan. Paano maibubuod ang mga katangian ng kanilang pagkatao? Pagiging bulagsak at kawalan ng pagpipigil. Kaya, masasabi nang may katiyakan na sila ay mga walang pananampalataya na pinasok ang sambahayan ng Diyos; sila ay mga hindi mananampalataya.

Ang mga tao na bulagsak at walang pagpipigil ay gumagamit ng mga salitang katulad ng sa mga bandido at mga maton ng mundong walang pananampalataya; partikular silang nasisiyahan sa panggagaya ng pananalita at estilo ng mga sikat na tao at ng mga negatibong personalidad sa lipunan, kung saan karamihan sa wika nila ay may salaulang tono na parang isang maton o sanggano ang magsasabi. Halimbawa, kapag dumating ang isang walang pananampalataya, nagsasabi ng ilang kakaibang parirala matapos kumatok sa pinto, sinasabi ng mga kapatid, "May kakaiba; bakit parang tiktik o espiya ang taong ito?" Bagama't hindi pa sila makasiguro sa sandaling iyon, nababalisa ang karamihan ng tao. Gayumpaman, kahanga-hangang nagsasalita ang tao na bulagsak at walang pagpipigil, nagmamalaki pa nga siya, sinasabi niya, "Tiktik? Hindi ako natatakot! Bakit sila dapat katakutan? Kung natatakot kayo, huwag na kayong lumabas. Titingnan ko kung ano ang pakay nila." Tingnan ninyo kung gaano siya katapang at kamapangahas. Magsasalita ba kayo nang ganito? (Hindi, hindi ganito magsalita ang mga normal na tao; parang pambandido ang dating ng ganitong pagsasalita.) Iba

ang pagsasalita ng mga bandido kumpara sa mga normal na tao; partikular silang mapagmataas. Natututuhan ng mga tao ang wika ng kanilang uri; partikular na gumagamit ng popular na wika ng lipunan ang mga tao na sanay sa kalye, mahilig salitain ng mga bandido at maton ang sarili nilang bokabularyo, at ang mga hindi mananampalataya ay katulad lang ng mga walang pananampalataya, sinasabi ang lahat ng bagay na sinasabi ng mga walang pananampalataya. Nasusuklam at napopoot ang mga mabuti, kagalang-galang, at disenteng tao kapag naririnig nila ang pananalita ng mga walang pananampalataya; wala sa kanila ang sumusubok na gayahin ang ganoong uri ng pananalita. Ang ilang hindi mananampalataya, kahit na sampu o dalawampung taon na silang nananampalataya, ay gumagamit pa rin ng wika ng mga walang pananampalataya, sadyang pinipili nila ang gayong pananalita, at habang nagsasalita ay ginagaya pa nga nila ang asal, mga ekspresyon, at mga pagkumpas ng mga walang pananampalataya, gayundin ang mga tingin ng mga ito. Maaari bang maging kaaya-aya sa mata ng mga kapatid sa iglesia ang mga gayong indibidwal? (Hindi.) Nasusuya at naaasiwa ang karamihan sa kapatid kapag nakikita sila. Ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng Diyos tungkol sa kanila? (Pagkasuklam.) Malinaw ang sagot: pagkasuklam. Mula sa isinasabuhay nila, mga hangarin, at mga tao, pangyayari, at bagay na iginagalang nila sa puso nila, malinaw na ang pagkatao nila ay hindi kumakatawan sa dignidad at pagiging disente at malayong-malayo sa pagiging deboto at angkop na kagandahang-asal ng mga banal. Bihirang marinig mula sa bibig nila ang mga salitang dapat sabihin ng mga mananampalataya o mga banal, at ang mga salitang nagpapatibay sa iba at nagpapahiwatig ng integridad at dignidad; malamang na hindi nila sabihin ang mga ito. Ang iginagalang, inaasam, at hinahangad nila sa kanilang puso ay pundamental na hindi tugma sa dapat hangarin at asamin ng mga banal, kaya mahirap na pigilan ang panlabas na pamumuhay, pananalita, at asal nila. Isang malaking hamon na hilingin sa kanila na magpigil, hindi maging bulagsak o hindi magpakasasa, at magpanatili ng dignidad at pagkadisente. Ni hindi nila kayang maging normal na tao na may integridad at dignidad na angkop sa kagandahang-asal ng mga banal, sumusunod sa mga tuntunin, at mukhang may katwiran sa panlabas, lalong hindi nila kayang mamuhay bilang isang tao na may pagkatao at katwiran na nakakaunawa sa katotohanan at nakakapasok sa katotohanang realidad. Noon, may isang tao na pumunta sa kanayunan para ipalaganap ang ebanghelyo at nakita niyang ang ilang kapatid ay may mga pamilyang salat sa yaman at nakatira sa mga bahay na sira-sira na. Sinabi niya nang may pang-uuyam at pangungutya, “Masyado nang sira-sira ang bahay na ito, hindi na ito akma para sa mga tao; halos hindi na nga ito akma para sa mga baboy. Dapat umalis na kayo agad dito!” Tumugon ang mga kapatid, “Madali namang umalis, pero sino ang magbibigay sa amin ng ibang bahay na matitirhan?” Nagsalita siya nang walang ingat at ayon sa sariling kagustuhan, sinabi niya ang anumang pumasok sa isip niya nang hindi iniisip ang epekto nito sa iba. Ito ay pagkakaroon ng salaulang kalikasan. Nagtanong ang mga kapatid, “Kung lilipat kami, sino ang magbibigay sa amin ng bahay na matitirhan? May bahay

ka ba?” Wala siyang naisagot. Pagkakitang nahaharap sa paghihirap ang mga tao, kinailangan niyang magawang lutasin ang paghihirap bago magsalita. Ano ang mga kinahinatnan ng pagsasalita niya nang walang ingat nang hindi naman nagawang lutasin ang paghihirap ng mga ito? Ito ba ay problema ng pagiging masyadong prangka at diretsahan? Hinding-hindi. Ang problema ay masyadong malubha ang pagiging salaula niya; siya ay bulagsak at walang pagpipigil. Ang mga gayong tao ay lubos na walang anumang konsepto ng integridad, dignidad, pagsasaalang-alang, pagpaparaya, pagmamalasakit, paggalang, pag-unawa, pakikisimpatiya, habag, pagkamaalalahanin, pagtulong at iba pa. Ang mga katangiang ito na mahalaga sa normal na pagkatao ay ang dapat taglayin ng mga tao. Bukod sa wala sila ng mga katangiang ito, sa pakikitungo nila sa iba, kapag nakikita nilang nahaharap sa mga paghihirap ang isang tao, nagagawa pa nilang ngumisi, mangutya, mang-uyam, at manlibak; bukod sa wala silang kakayahang unawain o tulungan ang mga tao, nagdudulot pa sila ng kalungkutan, kawalan ng pag-asa, pasakit, at maging ng problema sa mga ito. Para sa mga taong labis na salaula, nakikilatis sila ng karamihan ng tao, at paulit-ulit silang tinitiis ng mga ito. Sa palagay ninyo, puwede bang magkaroon ng tunay na pagsisisi ang mga gayong tao? Sa tingin Ko ay malabo ito. Batay sa kalikasang diwa nila, hindi sila nagmamahal sa katotohanan, kaya paano nila matatanggap ang mapungusan at madisiplina? Sa paglalarawan sa gayong mga tao, may mga termino ang mga walang pananampalataya tulad ng “pagsunod sa sariling landas” o “pagtahak sa sariling landas kahit ano pa ang sabihin ng iba”—isang kalokohan ang lohikang ito! Ang mga diumano’y sikat na kasabihan at idyomang ito ay madalas na itinuturing na mga positibong bagay sa lipunang ito, na nagbabaluktot sa mga katunayan at nakakalito sa kung ano ang tama at mali. Tungkol naman sa mga pagpapamalas ng pagkatao ng mga bulagsak at walang pagpipigil, ito na halos ang kabuuan nito.

Nakaaapekto man ang mga bulagsak at walang pagpipigil na indibidwal sa buhay iglesia, sa mga normal na ugnayan sa pagitan ng mga kapatid, o sa normal na pagganap ng tungkulin ng hinirang na mga tao ng Diyos, hangga’t ang mga pagpapamalas at pagbubunyag ng kanilang pagkatao ay nagdudulot ng masasamang epekto at mga kahihinatnan, na gumugulo sa mga kapatid, dapat malutas ang mga isyung ito, at dapat na umaksiyon nang nararapat laban sa gayong mga indibidwal, sa halip na hayaan lang silang kumilos nang walang sagabal. Para sa maliliit na kaso, maaaring magbigay ng tulong at suporta, o maaari silang pungusan at balaan. Para sa malulubhang kaso, kung saan partikular na bulagsak ang kanilang pag-uugali at asal, tulad ng sa mga walang pananampalataya o hindi mananampalataya, walang ni katiting na kagandahang-asal ng isang banal, ang mga lider at manggagawa ng iglesia ay dapat na maghanap ng mga angkop na solusyon para pangasiwaan ang mga indibidwal na ito. Kung karamihan sa mga kapatid ay sasang-ayon at kung pahihintulutan ng mga kondisyon, dapat paalisin ang mga indibidwal na ito; kahit papaano, hindi sila dapat pahintulutang gawin ang mga tungkulin nila sa iglesiang may tungkuling full-time. Ano ang tinutukoy ng “para sa maliliit

na kaso”? Ibig sabihin nito na ang ilang tao ay mga bagong mananampalataya, na dating mga walang pananampalataya, na hindi kailanman naniwala sa Kristiyanismo at hindi nakauunawa sa kung ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos. Ang kanilang pananalita at asal ay nagbubunyag ng mga gawi ng mga walang pananampalataya. Gayumpaman, sa pamamagitan ng pagbabasa ng salita ng Diyos, pagbabahaginan sa katotohanan, at pagsasabuhay ng buhay iglesia, unti-unti silang tumutuwid at nagbabago, nagiging tulad ng mga mananampalataya, nagpapakita ng kaunting wangis ng tao. Ang mga indibidwal na ito ay hindi dapat ikategorya sa mga hanay ng masasamang tao, kundi bilang mga taong maaaring matulungan. Ang isa pang kategorya ay ang mga kabataang may dalawampung taong gulang, na sa kabila ng pananampalataya sa Diyos sa loob ng tatlo hanggang limang taon, ay nagpapakasasa pa rin sa pagiging mapaglaro, hindi pa ganap na matatag, nagpapakita ng kaunting pagiging isip-bata sa kanilang panlabas na pananalita at asal—nagsasalita, umaasal, at kumikilos na parang mga bata—at iba pa, dahil sa mura nilang edad. Para sa mga taong ito, dapat ialok ang tulong at suporta nang may pagmamahal; dapat bigyan sila ng sapat na oras para unti-unting magbago nang hindi pinapatawan ng sobrang mahihigpit na hinihingi. Siyempre, para sa mga nasa hustong edad na maraming taon nang nananampalataya sa Diyos pero nagpapakita pa rin ng bulagsak at walang pagpipigil na pagsasalita, asal, pag-uugali, at mga pagkilos tulad ng mga walang pananampalataya, at na tumatangging magbago sa kabila ng paulit-ulit na mga paalala, kinakailangan ang ibang pamamaraan; dapat silang pangasiwaan nang naaayon sa mga regulasyon ng sambahayan ng Diyos. Kung ang pagsasalita at asal ng gayong mga indibidwal, at ang mga pagbubunyag ng kanilang pagkatao ay nakagugulo sa nakararami at nagdudulot ng masamang epekto sa iglesia, na nagiging sanhi ng pagkasuklam ng marami kapag nakikita sila, ayaw makinig sa kanilang magsalita, ayaw makita ang mga ekspresyon nila kapag nagsasalita sila, ni ayaw tingnan ang kasuotan nila, at karamihan ay mas masaya at nasa mas mabuting kondisyon kapag hindi dumadalo ang gayong mga indibidwal sa mga pagtitipon—nakararamdam ng pagkaasiwa at pagkasuklam sa simple nilang pakikilahok sa buhay iglesia at sa simple nilang presensiya kasama ang mga kapatid, na para bang may insekto na nagdudulot ng mga kaguluhan—walang duda na ang gayong mga indibidwal ay masasamang tao. Ibig sabihin, tuwing isinasabuhay nila ang buhay iglesia at ginagawa ang tungkulin nila kasama ang mga kapatid, karamihan ng tao ay nakararamdam ng panggugulo at partikular na nasusuklam. Sa gayong mga kaso, dapat pangasiwaan ang mga indibidwal na ito sa lalong madaling panahon, hindi hinahayaang gawin ang kagustuhan nila o mapasailalim sa karagdagang pagmamasid. Kahit papaano, dapat silang alisin sa iglesiang may tungkuling full-time at ipadala sa isang ordinaryong iglesia para magsisi. Bakit sa ganitong paraan ito pangangasiwaan? (Nagdulot sila ng mga kaguluhan at masasamang kahihinatnan sa karamihan ng tao, ginugulo ang buhay iglesia.) Dahil ang mga kahihinatnan at epekto ng kanilang mga pagpapamalas ay labis na ubod ng sama! Ayon dito, ang mga lider at manggagawa, gayundin ang hinirang na mga tao ng

Diyos, ay hindi dapat magbulag-bulagan sa mga ito at pikit-matang bigyang-layaw ang pag-uugali ng mga ito. Hindi angkop para sa mga lider at manggagawa na walang gawin kahit kapag ang gayong mga indibidwal ay nagdudulot ng mga kaguluhan sa nakararami; ang gayong mga indibidwal ay dapat na alisin sa iglesia ayon sa mga regulasyon ng sambahayan ng Diyos—ito ang pinakamatalinong desisyon.

Dati na bang napangasiwaan ng iglesia ang mga tao na bulagsak at walang pagpipigil? (Oo.) Nang pinangasiwaan ang gayong mga tao, may ilang umiyak, sinasabing, “Hindi ito sinadya. Paminsan-minsang pag-uugali ko lang ito; hindi naman ako ganoong klase ng tao. Pakiusap, bigyan mo ako ng isa pang pagkakataon! Kung hindi ako pahihintulutang gawin ang aking tungkulin, hindi ko magagawang manampalataya sa diyos pagkauwi ko sa bahay, kung saan ang lahat ay walang pananampalataya.” Napakakaaya-aya nilang magsalita at tila tunay silang nababalisa, nagpapahayag ng pag-aatubiling iwan ang Diyos at humihingi sa sambahayan ng Diyos ng isa pang pagkakataon para magsisi. Posibleng pagkalooban sila ng isa pang pagkakataon, pero ang mahalaga ay kung kaya ba nilang magbago o hindi. Kung lubusang nakikita na ang taong ito ay walang kahit katiting na pagkatao, walang konsensiya o katwiran, maituturing na isang bagay na walang puso at espiritu, hindi siya dapat bigyan ng isa pang pagkakataon; magiging walang saysay ito. Gayumpaman, kung mabuti ang diwa ng isang tao, at hindi pa lang ganap na lumago ang kanyang pagkatao dahil sa mura niyang edad, at siguradong magbabago siya paglipas ng ilang taon, dapat siyang bigyan ng pagkakataon para magsisi. Talagang hindi siya dapat paalisin sa iglesia; walang mabuting tao ang kailanman ay maaaring mapahamak. May ilang tao na likas na hindi mananampalataya; likas silang bulagsak, mangmang, at hangal, at sa pagkatao nila ay likas na wala silang konsepto ng karangalan, hindi alam kung ano ang pakiramdam ng kahihiyan. Pagkatapos kumilos sa isang magaspang na paraan sa publiko, karamihan ng tao ay makadarama ng pagsisisi at pagkapahiya na humarap sa iba. Bukod pa rito, kapag gusto nilang gumawa ng gayong mga bagay, nagagawa nilang maging mapagsaalang-alang sa mga damdamin at opinyon ng mga kapatid, at maingat sa sarili nilang integridad at dignidad, at hindi sila kikilos sa gayong paraan; sa sukdulan marahil ay mag-ingay lang sila sa bahay kasama ang kanilang mga anak o mga kapatid. Kapag nasa labas at nakikisalamuha sa mga estranghero, dapat maunawaan ng mga tao kung ano ang ibig sabihin ng pagpapahalaga sa karangalan, pagiging disente, mga patakaran, at dignidad. Maaari bang magbago ang isang tao na walang pang-unawa sa mga konseptong ito kahit na tulungan mo siya? Kahit na napipigilan siya ngayon, gaano katagal niya kayang magtiis? Hindi magtatagal at babalik din siya sa mga dati niyang gawi. Dahil ang gayong mga tao ay walang dignidad at pakiramdam ng kahihiyan sa kanilang pagkatao, hindi alam kung ano ang ibig sabihin ng mga patakaran, pagiging disente, o ang kagandahang-asal ng mga banal, at ang pagkatao nila ay likas na hindi nagtataglay ng mga katangiang ito, hindi mo sila matutulungan. Ang mga taong hindi matutulungan ay mga taong hindi kayang magbago, mga taong hindi kayang turuan

o impluwensiyahan. Ang gayong mga tao ay kailangang alisin kaagad at sa lalong madaling panahon, para mapigilan silang magdulot ng mga kaguluhan sa mga kapatid, na magdala ng kahihiyan dito. Hindi kailangan ng sambahayan ng Diyos ang sinuman para magparami lang ng bilang. Kung hindi ililigtas ng Diyos ang isang tao, walang silbi ang anumang pagpaparami ng bilang sa taong iyon. Iyong mga hindi kinikilala ng Diyos ay dapat paalisin—alisin iyong mga hindi dapat manatili sa sambahayan ng Diyos, kung hindi ay makasasama ang presensiya ng isang tao na ito sa marami pang iba, na hindi patas sa nakararami. Kung nakikilatis ninyo ang diwa niyong mga bulagsak at walang pagpipigil, dapat ninyo silang pangasiwaan at paalisin sa lalong madaling panahon, sa halip na pagtiisan sila nang habang panahon. Sinasabi ng ilan, “Paminsan-minsan ay nakagagawa sila ng ilang resulta kapag gumagawa ng tungkulin nila. Kailangan pa rin sila para sa aspektong iyon ng gawain. Mayroon din silang napakamapagmahal na puso at kaya nilang magbayad ng kaunting halaga.” Pero sino ba sa mga natitira sa sambahayan ng Diyos ang hindi kayang magbayad ng kaunting halaga? Sino ang hindi kayang magkamit ng ilang resulta kapag ginagawa ang tungkulin nila? Kung makalilikha ng ilang resulta ang lahat, bakit hindi na lang pumili ng mabubuting tao na may dignidad at disente para gumawa ng mga tungkulin? Bakit ipagpipilitang panatilihin ang mga uri ng tao na mga salaulang tao, mga salbahe, at mga hangal sa iglesiang may tungkuling full-time para magdulot ng mga kaguluhan? Bakit ipagpipilitang panatilihin ang mga hindi mananampalataya na namumuhay na parang mga walang pananampalataya para magtrabaho sa sambahayan ng Diyos? Hindi nagkukulang sa mga trabahador ang sambahayan ng Diyos; gusto lang ng sambahayan ng Diyos ang matatapat na tao na nagmamahal sa katotohanan, matutuwid na tao, at iyong mga kayang hangarin ang katotohanan, para gugulin ang sarili nila para sa Diyos.

Karamihan sa mga kasalukuyang gumagawa ng mga tungkulin ay mga tao na nanampalataya na sa Diyos nang mahigit lima o anim na taon, at ang lahat ng uri ng tao na lubos nang nabunyag sa proseso ng paggawa ng kanilang mga tungkulin—iyong mga hindi mananampalataya, mga taong magulo ang isip, mga huwad na lider, masasamang tao, at mga anticristo ay nabunyag na lahat. Malinaw nang nakita ng marami sa hinirang na mga tao ng Diyos na karamihan sa mga taong ito ay tumatangging magbago sa kabila ng paulit-ulit na mga paalala, na nakapagdulot na ang mga ito ng malulubhang panggugulo at paggambala sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Dumating na ang oras na dapat nang alisin ang mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristong ito. Ang hindi pag-aalis sa kanila ay makakaapekto sa operasyon ng gawain ng iglesia at sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ng kaharian ng Diyos. Ang hindi pag-aalis sa kanila ay makakaapekto sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos; ang buhay iglesia ay patuloy na magugulo at hindi kailanman makakasumpong ng kapayapaan. Samakatwid, ang mga lider at manggagawa ng iglesia sa lahat ng antas ay dapat magsimulang gawin ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia ayon sa mga layunin ng Diyos at batay sa mga salita ng Diyos. Nakikita Ko na marami-raming tao ang

walang pagkatao. Sa mga pagtitipon, may mga nagpapakita ng lahat ng uri ng hindi kaaya-ayang pag-uugali, at hindi gumagamit ng angkop na asal nakaupo man o nakatayo, na may nakahandang tsaa, cellphone, facial cream, at pabango sa tabi nila. Ang ilang mahilig magmukhang maganda ay palaging tinitingnan ang itsura nila sa salamin at inaayos ang makeup nila, at ang iba ay palaging umiinom ng tubig, nagba-browse sa kanilang cellphone para magbasa ng balita o manood ng mga video mula sa mundong walang pananampalataya, nagsasalita at nakikipag-usap nang nakadekuwatro, binabaluktot ang katawan nila sa hugis nang parang sa isang ahas, nang hindi man lang pinananatili ang tamang hugis. Narinig Ko rin na may ilang tao na bumabalik sa kuwarto nila sa gabi at humihiga sa kama nang hindi man lang tinatanggal ang mga sapatos nila, natutulog hanggang madaling araw. Sa umaga, nagmumulat sila ng kanilang mga mata hindi para magdasal o magsagawa ng mga espirituwal na debosyon, kundi para tingnan muna ang balita sa cellphone nila. Sa oras ng pagkain, kapag nakakakita sila ng masarap na pagkain, o kapag nakakakita sila ng karne, hayok na hayok silang kumain—hindi iniintindi kung may makakain pa ang iba, basta't mabusog sila—at pagkatapos ay diretso na silang bumabalik sa pagtulog. Wala silang wangis ng tao sa anumang bagay na ginagawa nila, kumikilos nang bulagsak at walang pagpipigil tulad ng mga walang pananampalataya, hindi talaga sumusunod sa anumang alituntunin, wala ni katiting na pagsunod o pagpapasakop, tulad ng mga hayop. Sabihin mo sa Akin, maaari bang maligtas ang uri ng mga tao na may gayong labis na salaulang kalikasan? (Hindi.) Kung ganoon, may anumang saysay ba ang pananampalataya nila sa Diyos? Taglay ang kakayahang napakababa para talagang maabot ang katotohanan, mauunawaan ba nila ang mga salita ng Diyos kapag binasa nila ang mga ito? Nang hindi nagtataglay ng anumang alituntunin pagdating sa pag-asal nila, magiging pasok ba sa pamantayan ang pagtatrabaho nila? Nang walang konsensiya o katwiran, kaya ba nilang tumanggap kapag nakikinig sa mga sermon at nakikinig sa pagbabahaginan tungkol sa katotohanan? (Hindi.) Iyong mga nagpapakita ng ganitong mga pag-uugali ay pangunahing walang anumang pagkatao, kaya paano pa nila makakamit ang katotohanan? Iyong mga walang pagkatao ay mga hayop, mga diyablo, mga patay na tao na walang espiritu, na hindi kayang makaunawa sa katotohanan kapag naririnig nila ito at hindi karapat-dapat na marinig ang katotohanan. Ang pagpapaunawa at pagpapakamit sa kanila ng katotohanan ay parang pamimilit sa isda na mamuhay sa lupa o pamimilit sa mga baboy na lumipad—imposible! Noong nakaraan, kapag pinag-uusapan kung aling klase ng mga tao ang mga hayop, madalas na pinangungunahan ang salitang "hayop" ng salitang "aso," kaya tinawag silang mga "asong hayop." Gayumpaman, pagkatapos mag-alaga ng mga aso at makipag-ugnayan sa mga ito nang malapitan, natuklasan Ko na nagtataglay ang mga aso ng pinakamagagandang bagay na wala sa tao: Ang mga ito ay umaasal nang naaayon sa mga alituntunin, masunurin, at may pagpapahalaga sa paggalang sa sarili. Magtakda ka ng limitasyon para sa pagkilos ng mga ito, at doon lang kikilos ang mga ito, at nang walang eksepsyon, talagang hindi pupunta ang mga ito sa

mga lugar na ipinagbabawal mong puntahan ng mga ito. Kung di-sinasadyang lumagpas ang mga ito sa hangganan, kaagad silang umaatras, tuloy-tuloy na kinakawag ang buntot nila, humihingi ng tawad at inaamin ang pagkakamali nila. Maisasakatuparan ba ito ng mga tao? (Hindi.) Bigo ang mga tao. Bagaman maaaring hindi nakauunawa ang mga aso nang tulad sa mga tao, naaarok ng mga ito ang isang bagay: “Ito ay teritoryo ng may-ari, ang bahay ng may-ari. Pupunta ako saanman ipinahihintulot ng may-ari at iiwasan ang mga lugar na ipinagbabawal sa aking puntahan.” Kahit hindi pinapalo, iniiwasan ng mga ito na pumunta roon; may pagpapahalaga sa paggalang sa sarili ang mga ito. Alam maging ng mga aso kung ano ang kahihiyan, kaya bakit hindi ng mga tao? Kalabisan ba ang iklasipika iyong mga hindi alam ang kahihiyan bilang mga hayop? (Hindi.) Hindi talaga ito kalabisan; karamihan ng tao ay hindi man lang nagtataglay ng mga katangian ng isang aso. Sa hinaharap, kapag sinabi nating ang ilang tao ay mga hayop, hindi na natin sila dapat tawaging “asong hayop”; insulto iyon sa mga aso, sapagkat ang mga taong ito, ang mga halimaw na ito, ay mas masahol pa maging sa mga aso. Samakatwid, kapag ang gayong mga tao ay nagdulot ng kaguluhan sa buhay iglesia o sa pagganap ng mga kapatid ng mga tungkulin, dapat silang kaagad na paalisin—ito ay makatarungan at makatwiran lang, at hindi talaga ito kalabisan. Hindi ito pagiging hindi mapagmahal; ito ay pagkilos ayon sa prinsipyo. Kahit pa nagpapakita ng ilang resulta ang mga bulagsak at walang pagpipigil na tao sa kanilang mga tungkulin, maaari ba silang maligtas? Sila ba ay mga tao na tumatanggap ng katotohanan? Ni hindi nila kayang pigilan ang kanilang mga sariling pagkilos, kaya posible ba nilang matanggap ang katotohanan? Hindi nila kayang panatilihin ang kanilang integridad at dignidad, kaya makapapasok ba sila sa katotohanang realidad? Imposible iyon. Kaya, ang pangangasiwa sa gayong mga indibidwal sa ganitong paraan ay talagang hindi kalabisan; ito ay ganap na nakabatay sa prinsipyo, at ganap na para sa pakay ng pagprotekta sa hinirang na mga tao ng Diyos mula sa mga panggugulo ni Satanas. Sa pagbubuod, kapag natukoy ang gayong mga indibidwal, dapat silang pangasiwaan ayon sa ilang prinsipyong kababanggit Ko lang. Kalabisan ba na ikategorya ang uri ng mga tao na tunay na bulagsak at walang pagpipigil, at tunay na nagpapakasasa sa laman nang walang anumang kagandahang-asal ng banal bilang mga walang pananampalataya at hindi mananampalataya? (Hindi.) Dahil ikinategorya sila bilang mga walang pananampalataya at hindi mananampalataya, ang pagbibilang sa kanila sa mga hanay ng iba’t ibang uri ng masasamang tao na dapat paalisin ng iglesia ay hindi kalabisan. Ang mga tao na ni hindi kayang pigilan ang sarili nilang pag-uugali at asal ay tiyak na hindi kayang tumanggap ng katotohanan. Hindi ba’t ang mga hindi kayang tumanggap ng katotohanan ay mga kaaway ng katotohanan? (Oo, ganoon nga.) Kalabisan ba na ikategorya iyong mga kaaway ng katotohanan bilang masasamang tao? (Hindi.) Hindi talaga ito kalabisan. Samakatwid, ang mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa kanila ay ganap na angkop.

D. Pagiging Mahilig sa Paghihiganti

Natapos na ang pagbabahaginan natin tungkol sa mga pagpapamalas ng ikatlong uri ng mga tao—iyong mga bulagsak at walang pagpipigil. Bukod sa ganitong uri ng mga tao, marami pang iba na nabibilang sa kategorya ng masasamang tao, at dapat na kilatisin at paalisin ng iglesia ang lahat ng ganitong uri ng masasamang tao. Susunod, tatalakayin natin ang ikaapat na uri. Sa iba't ibang uri ng masasamang tao na dapat kilatisin at paalisin ng iglesia, isang malaking hamon at problema ang ikaapat na uri. Sino kaya ang mga ito? Sila ang mga taong mahilig sa paghihiganti. Batay sa pariralang "mahilig sa paghihiganti," malinaw na hindi mabuti ang mga taong ito; sa pangkaraniwang pananalita, salot sila sa lipunan. Batay sa mga palagiang pagpapamalas at pagbubunyag ng pagkatao nila, pati na sa mga prinsipyo nila sa pagkilos, hindi mabuti ang puso nila. Gaya ng karaniwang kasabihan, "maitim ang budhi" nila. Sinasabi natin na hindi sila kabilang sa mabait na uri; sa mas partikular, ang mga indibidwal na ito ay hindi mabait bagkus ay malupit, mapaminsala, at marahas. Kapag may nagsabi o gumawa ng isang bagay na nakakaapekto sa interes, imahe, o katayuan nila, o nagpasama sa loob nila, sa isang banda, nagkikimkim sila ng pagkamapanlaban sa puso nila. Sa kabilang banda, batay sa pagkamapanlabang ito, kumikilos sila; kumikilos sila nang may layon at direksiyong maibulalas ang pagkamuhi nila at mailabas ang galit nila, isang pag-uugaling kilala bilang paghihiganti. Laging may ganitong ilang indibidwal sa mga tao. Ito man ay ang inilalarawan ng mga tao bilang pagiging mababaw, dominante, o sobrang sensitibo, anuman ang mga terminong ginagamit para ilarawan o ibuod ang pagkatao nila, ang karaniwang pagpapamalas ng pakikitungo nila sa iba ay kung sinuman ang di-sadya o sadyang makasakit o makapagpasama ng loob nila ay dapat magdusa at humarap sa mga kaukulang kahihinatnan. Katulad ito ng sinasabi ng ilang tao: "Pasamain mo ang loob nila, at makukuha mo ang higit pa sa inaasahan mo. Kung magalit o masaktan mo sila, huwag mong asahang basta ka na lang makakatakas." May umiiral bang mga gayong indibidwal sa mga tao? (Oo.) Tiyak na mayroon. Anuman ang mangyari, sulit man o hindi na magalit o maging mababaw tungkol dito, iyong mga tao na mahilig sa paghihiganti ay inilalagay ito sa kanilang pang-araw-araw na adyenda, itinuturing nila ito bilang isang napakahalagang usapin. Sinuman ang makapagpasama ng loob nila, hindi ito katanggap-tanggap, at humihingi silang mabayaran ang katumbas na halaga, na siyang prinsipyo nila sa pagtrato sa mga tao, sa pagtrato sa sinumang itinuturing nilang kaaway. Halimbawa, sa buhay iglesia, may ilang tao na nakikipagbahaginan tungkol sa kalagayan nila o normal na nakikipagbahaginan o nagsasalaysay ng mga karanasan nila, tinatalakay nila ang mga kalagayan at katiwalian nila. Sa paggawa niyon, hindi nila sinasadyang madamay ang mga kalagayan at katiwalian ng iba. Maaaring hindi ito sinasadya ng nagsasalita, pero dinidibdib ito ng nakikinig. Pagkatapos makinig, hindi ito maarok o maharap nang tama ng indibidwal na ito, at malamang na magkaroon siya ng mapaghiganting mentalidad. Kung hindi niya

palalagpasin ang usaping ito at igigiit niyang umatake at maghangad na maghiganti, magdudulot ito ng problema sa gawain ng iglesia, kaya dapat na agad na mapangasiwaan ang usaping ito. Hangga't may masasamang tao sa iglesia, hindi maiiwasang lilitaw ang mga kaguluhan, kaya hindi dapat balewalain ang mga insidente ng masasamang tao na nanggugulo sa iglesia. Sinasadya man o hindi, basta't ginalit o sinaktan mo sila, hindi nila ito palalampasin basta-basta. Iniisip nila: "Binabanggit mo ang sarili mong katiwalian, bakit mo ako binabanggit? Tinatalakay mo ang pagkilala mo sa sarili, bakit mo ako inilalantad? Dahil sa paglalantad mo sa katiwalian ko, nasisira ang imahe at dignidad ko, nagigisa ako sa harap ng mga kapatid, nawawalan ako ng katanyagan, at nasisira ang reputasyon ko. Kung gayon, maghihiganti ako laban sa iyo; makukuha mo ang higit sa inaasahan mo! Huwag mong isiping madali akong apihin, na maaari mo akong kayan-kayanin dahil lang sa mahirap ang pamilya ko at mababa ang katayuan ko sa lipunan. Huwag mong isiping puwede mo akong kayan-kayanin; hindi ako isang taong maaaring banggain!" Huwag nang isipin kung paano sila naghihiganti; isaalang-alang na lang natin ang mismong mga taong ito: Kapag nahaharap sila sa maliliit na usaping ito—mga usaping karaniwan sa buhay iglesia—bukod sa hindi nila matrato o maarok nang tama ang mga usaping ito, nagkakaroon pa sila ng pagkamuhi at naghihintay ng mga pagkakataon para makapaghiganti, gumagamit pa nga sila ng mga bulagsak na paraan para isakatuparan ang paghihiganti nila. Ano ang sinasabi nito tungkol sa pagkatao nila? (Mapaminsala ito.) Mababait na tao ba sila? (Hindi.) Ang pinakamabuting uri ng mga tao ay iyong mga kayang tumanggap sa katotohanan. Kapag naririnig nila ang iba na nakikipagbahaginan at nagbabahagi ng mga karanasan nila, pinagninilayan nila: "May ganito rin akong katiwalian. Parang kalagayan ko ang inilalarawan nila. Sinasadya man nilang ilantad ako o hindi sinasadyang tinatalakay nila ang isang bagay na nagkataong katulad ng kalagayan ko, aarukin ko ito nang tama—pakikinggan ko kung paano nila ito dinanas, kung paano nila hinahanap ang katotohanan para malutas ang kalagayang ito, at kung paano sila nagsasagawa at pumapasok." Isa itong tao na tunay na tumatanggap sa katotohanan. Kapag narinig ito ng isang tao na medyo mas mababa ang antas, maaari niyang isipin, "Bakit parang katulad na katulad ng kalagayan ko ang tiwaling disposisyong kinikilala nila? Ako ba ang tinutukoy nila? Kung gayon, hahayaan ko lang silang magsalita. Kung tutuusin, wala namang nawala sa akin, at marahil ay hindi rin naman alam ng karamihan ng tao. Siguro ay tinutukoy lang nila ang sarili nila, at nagkataon lang na katulad ito ng kalagayan ko; pare-pareho naman kaming lahat ng kalagayan." Hindi niya ito sineseryoso, wala siyang kinikimkim na pagkamuhi sa puso niya, at hindi siya nagtataguyod ng isang mapaghiganting mentalidad. Gayumpaman, iba ito para sa mga di-mabait at masamang tao. Titingnan ng iba ang parehong usapin bilang karaniwan, pangangasiwaan at tatratuhin nila ito nang naaayon. Siyempre, maagap at positibo itong lulutasin ng mabubuting tao na tumatanggap sa katotohanan. Ang mga ordinaryong tao, bagaman hindi positibong nilulutas ito, ay hindi nagkikimkim ng pagkamuhi, lalong hindi sila naghahangad na makapaghiganti. Pero para sa mga tao

na di-mabait, maaaring magtalo ang kalooban nila dahil sa gayong karaniwan at lubos na ordinaryong usapin, kaya hindi nila magawang kumalma. Ang mga bagay na ipinapakita nila ay hindi positibo o ordinaryo, kundi malupit at buktot; naghahangad sila na makapaghiganti. Ano ang dahilan ng paghihiganti nila? Naniniwala sila na sinasadya silang siraan ng mga tao gamit ang mga mapaminsalang pahayag, inilalantad ang tunay na mga sitwasyon tungkol sa kanila, gayundin ang pangit na katangian at ang katiwalian nila. Itinuturing nila ang sinasabi ng mga tao bilang sinasadya, kaya itinuturing nila ang mga ito bilang mga kaaway. Pagkatapos, pakiramdam nila ay makatarungan ang paggamit ng paghihiganti para ayusin ang naturang usapin, gumagamit sila ng iba't ibang paraan para makamit ang layunin nilang makapaghiganti. Hindi ba't isa itong malupit na disposisyon? (Oo.) Sa buhay iglesia, kapag tinatalakay ng mga kapatid ang tungkol sa mga kalagayan nila, karamihan sa nakikinig ay nakauugnay rito at natatanggap ito mula sa Diyos. Tanging ang mga tutol sa katotohanan at may buktot na disposisyon ang nagpapakita ng pagkamapanlaban at maging ng mapaghiganting mentalidad pagkarinig nila rito, na lubos na nagbubunyag sa kalikasang diwa nila. Kapag nabuo na ang mapaghiganting mentalidad, susunod na ang isang serye ng mga mapaghiganting pag-uugali at kilos. Kapag nangyayari ang mga paghihiganti, ano ang nangyayari sa ugnayan ng mga tao? Hindi na wasto ang mga ito. At sino ang tunay na biktima rito? (Ang taong pinaghihigantihan nila.) Tama. Ang tunay na mga biktima ay ang mga nakikipagbahaginan tungkol sa kanilang patotoong batay sa karanasan. Ang mga mahilig sa paghihiganti ay manghuhusga, mang-aatake, at magdidiin o maninira pa nga sa mga tao na sa tingin nila ay naglalantad o nagkikimkim ng pagkamapanlaban sa kanila, gumagamit sila ng mga salita o kilos sa iba't ibang sitwasyon. Ang mga taong mahilig sa paghihiganti ay hindi lang pansamantalang nagkikimkim ng pagkamuhi sa puso nila at iyon na iyon; naghahanap at lumilikha pa nga sila ng lahat ng uri ng oportunidad para gantihan ang mga tao na puntirya ng kanilang paghihiganti, ang mga taong may mapanlaban silang saloobin, at ang mga taong sa tingin nila ay hindi paborable sa kanila. Halimbawa, sa panahon ng halalan ng mga lider, kung ang taong may mapanlaban silang saloobin ay nakatutugon sa mga prinsipyo ng paggamit ng mga tao sa loob ng sambahayan ng Diyos at kalipikadong mahalal bilang isang lider, ang pagkamapanlaban nila ay magdudulot sa kanila na husgahan, kondenahin, at batikusin ang taong iyon. Puwede pa nga silang magsagawa ng mga palihim na pagkilos o gumawa ng mga bagay na makapipinsala sa taong iyon para makapaghiganti sila. Sa pagbubuod, iba't iba ang mga paraan nila ng paghihiganti. Halimbawa, maaaring makahanap sila ng mga bagay na puwedeng gamitin bilang bentahe laban sa isang tao at siraan ito, nag-iimbento ng mga tsismis tungkol sa taong iyon sa pamamagitan ng pagiging eksaherado at walang batayang sabi-sabi, o pagpapakalat ng alitan sa pagitan ng taong iyon at ng ibang tao. Maaari pa ngang magbigay sila ng huwad na paratang sa mga lider tungkol sa taong iyon, sinasabi na ang taong iyon ay hindi tapat at lumalaban sa pamamagitan ng pagkanegatibo sa paggampan sa kanyang mga tungkulin. Ang lahat

ng ito ay pawang mga sadyang gawa-gawang pahayag, pawang inimbento lang. Tingnan ninyo kung paano, mula sa mga hinala at maling pagkaunawa nila sa taong iyon, lumilitaw ang napakaraming pag-uugali at kilos na wala sa katwiran; lahat ng pamamaraang ito ay nagmumula sa mapaghiganti nilang kalikasan. Sa katunayan, nang ibinahagi ng taong iyon ang kanyang mga patotoong batay sa karanasan, hindi naman talaga sila ang tinutukoy ng mga iyon; wala namang anumang malisyang nakapuntirya sa kanila. Dahil lang sa tutol sila sa katotohanan at may malupit silang disposisyon na mahilig sa paghihiganti kaya hindi nila tinutulutan ang iba na ilantad sila, ni pinapayagan ang mga talakayan tungkol sa pagkilala sa sarili, pagtalakay sa mga tiwaling disposisyon, o pag-uusap tungkol sa satanikong kalikasan ng isang tao. Kapag tinalakay ang mga gayong paksa, nagagalit sila, iniisip na sila ang pinupuntirya at inilalantad, kaya bumubuo at lumilikha sila ng mapaghiganting mentalidad. Ang mga pagpapamalas ng ganitong uri ng tao na naghihiganti ay hindi limitado sa isang sitwasyon lang. Bakit Ko nasasabi ito? Dahil may malupit na kalikasan ang mga gayong indibidwal; walang makakapukaw o makakapagpagalit sa kanila. Likas na agresibo sila sa sinuman at anumang bagay, tulad ng isang alakdan o alupihan. Kaya, pinupukaw o sinasaktan man sila ng isang tao sa pamamagitan ng pagsasalita nang sadya o di-sadya, basta't nararamdaman nilang nawalan sila ng dangal o katanyagan, gagawa sila ng paraan para maibalik ang dangal at katanyagan nila, na nagdudulot ng isang serye ng mga mapaghiganting pagkilos.

Sunod, magbabahagi Ako ng iba pang mga pagpapamalas ng mga taong mahilig sa paghihiganti. Ang iba ay pinungusan ng mga lider dahil ginawa nila nang pabasta-basta ang kanilang mga tungkulin, na nagdulot sa kanilang magkimkim ng kawalang-kasiyahan. Sabihin mo sa Akin, makatwiran ba ang pagpupungos sa kanila? (Oo.) Ganap itong makatwiran at normal. Kung ginagawa mo nang pabasta-basta ang iyong tungkulin, na nagdudulot ng pinsala sa gawain ng iglesia, at hindi ka kumikilos nang naaayon sa mga prinsipyo, at may isang tao na tumindig para ilantad at pungusan ka, makatwiran ito, at dapat mo itong tanggapin. Gayumpaman, hindi lang ito tinatanggihang tanggapin ng mga taong mahilig sa paghihiganti kundi nagkikimkim din sila ng kawalang-kasiyahan. Pagkaalis ng mga lider, nagsisimula silang mambato ng masasakit na salita: "Para saan ka ba nagpapakitang-gilas? Hindi ba't dahil lang may opisyal kang posisyon? Kung may gayon akong posisyon, magiging mas mahusay pa ako sa iyo! Pinupungusan mo ako, sino ka ba sa tingin mo? Kinamumuhian kita dahil sa pagpupungos mo sa akin. Sinusumpa kita na mabangga ng sasakyan, na mamatay sa pagkabilaok sa inumin mo, na mamatay ka sa pagkabilaok sa pagkain mo. Sinusumpa kita na mamatay nang miserable! Nangangahas kang pungusan ako? Walang sinuman sa mundo ang nangangahas na pungusan ako!" Kapag ang mga lider na iyon ay pinungusan ng mga nakatataas na lider dahil sa ilang usapin, nagagalak sila sa kasawian ng mga lider at nagiging napakasaya, humuhuni pa ng isang himig, iniisip nilang: "Paano iyan? Nagpakitang-gilas ka, at ngayon ay nakararanas ka ng pagpaparusa! Sinumang

magpupungos sa akin, gagawin kong miserable ang buhay nila!” Ano ang tingin mo sa gayong mga tao? (Malisyoso sila.) Kahit na gaano kamakatwiran ang pagpupungos sa kanila, hindi nila ito matanggap. Patuloy silang nakikipagtalo at ipinagtatanggol ang sarili nila, at pagkatapos ay patuloy pa rin nilang ginagawa ang mga tungkulin nila nang pabasta-basta, nananatiling hindi nagbabago sa kabila ng mga paulit-ulit na paalala. Kung palagi kang kikilos sa isang pabasta-bastang paraan, sa sambahayan ng Diyos, mapupungusan ka lang; kung ikaw ay nasa trabaho mo sa sekular na mundo at kumikilos ka nang pabasta-basta, maaari kang mapatalsik sa trabaho at mawala ang kabuhayan mo. Kadalasan sa sambahayan ng Diyos, ang prinsipyo ay ang magbahaginan sa katotohanan at magbigay-suporta nang may pagmamahal, pinahihintulutan ang karamihan ng tao na maghangad ng katotohanan at magsagawa ng kanilang mga tungkulin nang normal. Sa katunayan, sa mga lider at manggagawa, ang minorya lang ang maaaring humarap sa matinding pagpupungos. Karamihan sa mga tao ay kumikilos batay sa pananalig, kamalayan, konsensiya, at katwiran, tinatanggap ang pagsisiyasat ng Diyos, at hindi gumagawa ng mabibigat na pagkakamali, kaya hindi sila dumaranas ng matinding pagpupungos. Gayumpaman, ang mapungusan ay isang mabuting bagay; ilang tao ang nakararanas ng pagpupungos, lalo na mula sa ang Itaas? Nagpapakita ito ng isang malaking pagkakataon para sa pagkilala sa sarili at buhay paglago. Dapat nauunawaan ng mga mananampalataya kahit papaano ang kabuluhan ng mapungusan, kinikilala ito bilang isang mabuting bagay. Kahit na ang pagpupungos mula sa mga partikular na indibidwal ay hindi ganap na alinsunod sa mga prinsipyo, nahahaluan ng mga personal na pagkiling at pagkamainitin ng ulo, dapat mo pa ring suriin ang iyong sarili para makita kung aling mga aspekto ng iyong mga pagkilos ang hindi naaayon sa mga prinsipyo at positibong tanggapin ito; ang paggawa nito ay makatutulong sa iyo. Pero, hindi matanggap ng masasamang taong ito maging ang makatwirang pagpupungos. Kahit na hindi sila kumikilos para maghiganti, napupuno ang puso nila ng matinding kawalang-kasiyahan, at nagmumura at nanunumpa sila. Kapag iyong mga nagpungos sa kanila ay humarap sa sarili nilang pagpupungos o nakaranas ng paghihirap, mas masaya pa sila kaysa sa isang bata na nagdiriwang ng Bagong Taon. Ito ang pagpapamalas ng masasamang tao. Mayroon ding ilang tao na mapagkompetensiya sa paggawa ng kanilang tungkulin; madalas silang hindi sumusunod sa mga prinsipyo at kumikilos nang pabasta-basta, na humahantong sa pagganap ng kanilang mga tungkulin na walang ibinubunga. Kapag ang mga lider ay nagbabahagi tungkol sa mga isyu nila at pinupungusan sila, iyong mga mahilig sa paghihiganti ay hindi kayang tratuhin ang usaping ito nang tama. Kahit na sa panloob ay inaamin nila ang kanilang pagiging pabasta-basta at kawalan ng prinsipyo sa paggawa ng mga tungkulin nila, patuloy pa rin silang nakabubuo ng mga kaisipan at pagkilos ng paghahangad na maghiganti bilang tugon sa pagpupungos. Kasunod nito, nagsusulat sila ng mga liham na nag-aakusa nang mali sa mga lider, sinusunggaban ang ilan sa mga pagsasagawa ng mga ito at mga pagbubunyag ng mga katiwalian ng mga ito para palakihin at iulat sa mga nakatataas sa pagtatangkang mapatanggal ang

mga lider. Kung hindi nakamit ang layunin nila, naninira sila at nagdudulot ng mga kaguluhan nang palihim, matigas ang ulong nilalabanan ang mga pagsasaayos ng mga lider. Hindi nila isinasaalang-alang ang gawain ng iglesia, ang mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, o ang pagiging epektibo ng paggawa ng kanilang tungkulin; ang iniintindi lang nila ay ang pagbubulalas ng kanilang galit. Tumatanggi silang makinig sa sinuman, tinatanggihan maging ang mga paalala ng mga lider at manggagawa. Bagaman hindi sila sumasagot o lumalaban nang harapan, nang palihim, kaya nilang magbulalas ng pagkanegatibo, bitiwan ang kanilang gawain bilang pagsalungat, at sunggaban ang anumang kalamangang magagamit nila laban sa mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos o laban sa mga lider at manggagawa. Nagpapakalat pa nga sila ng mga kuru-kuro; sila mismo ay negatibo at nag-aatubiling gawin ang kanilang tungkulin, pero sinusubukan din nilang manghila ng marami pang tao sa pagiging negatibo at tamad at pagpapabaya sa kanilang mga tungkulin. Ano ang prinsipyo nila? “Hindi ako natatakot mamatay; kailangan kong makahanap ng ibang tao na mahihila pababa kasama ko. Pinupungusan ako ng mga lider, sinasabing hindi pasok sa pamantayan ang pagganap ko ng aking tungkulin—kung ganoon, sisiguraduhin kong mabibigo ang lahat na gawin ang tungkulin nila nang maayos. Kung wala ako sa ayos, wala sa inyo ang magiging maayos! Pinupungusan ako ng mga lider, at pinagtatawanan ninyo akong lahat; pahihirapin ko ang buhay ninyong lahat!” Kapag ginagawa nila ang tungkulin nila nang pabasta-basta o nang laban sa mga prinsipyo, at may nag-ulat nito sa mga lider, iimbestigahan nila ang usaping ito: “Sino ang nag-ulat sa akin? Sino ang nagsumbong sa akin sa mga lider? Sino ang may malapit na ugnayan sa mga lider? Kapag nalaman ko kung sino ang nag-ulat sa akin sa mga nakatataas na lider, hindi ako magpapakita ng anumang paggalang sa taong iyon! Hindi ko ito palalagpasin kailanman!” Hindi lang nila kayang magsabi ng mararahas na pahayag, kundi siyempre, kaya rin nilang isakatuparan ang gayong mga pagbabanta. Ang mga indibidwal na ito ay maraming masama at mapanlinlang na taktika para makapaghiganti, hindi lang sa pamamagitan ng pagsunggab ng kalamangan para husgahan at kondenahin ang iba; may ilan na sadyang ninanakaw ang charger ng laptop ng taong gusto nilang paghigantihan, dahilan para hindi nito magawang i-recharge ang kanyang laptop at hinahadlangan ang paggawa niya ng tungkulin. May ibang sadyang dinaragdagan ng maraming asin ang pagkain ng isang tao para hindi ito makain. Ang magagaspang na paraang ito ng paghihiganti, karaniwan sa mga walang pananampalataya, ay ginagamit din ng masasamang tao sa loob ng iglesia. Ang mga paraan nila ng pagsasakatuparan ng kanilang paghihiganti ay labis na higit pa sa mga ito, kabilang ang mga walang prinsipyong taktika na hindi pa natin nakikita noon; nagbibigay lang tayo ng ilang simpleng halimbawa. Sa mga ito, may ilang indibidwal na sadyang gumagawa ng gulo, hadlang, at mga paghihirap para sa iba; karaniwang pangyayari ito. Sa bawat grupo, sa ilalim ng iba’t ibang sitwasyon at kapaligiran, ang malupit na disposisyon niyong mga mahilig sa paghihiganti ay patuloy na nalalantad. Ang mga mapaghiganting pagpapamalas ng masasamang tao at mga anticristo ay lalo pang

kitang-kita. Hangga't may masasamang tao at mga anticristo sa loob ng iglesia, ang hinirang na mga tao ng Diyos, na tunay na nananampalataya sa Kanya at naghahangad sa katotohanan, ay magugulo. Sa bawat araw na naroroon ang masasamang tao at mga anticristo ay isang araw na walang kapayapaan sa iglesia—ang mabubuting tao ay aatakihin at ibubukod; sa partikular, iyong mga naghahangad sa katotohanan ay makararanas ng pagkamapanlaban at paghihiganti ng masasamang tao at mga anticristo. Paano pinahihirapan at ginagantihan ng masasamang tao at mga anticristo ang iba? Una, pinupuntirya nila iyong mga naghahangad sa katotohanan at sumusunod sa mga prinsipyo. Malinaw na nakikita ng masasamang tao na ito na iyong mga naghahangad lang sa katotohanan ang pinakamapanganib para sa kanila. Una sa lahat, kaya silang kilatisin ng mga taong nakauunawa sa katotohanan; basta't may gagawin silang masama, makikilatis sila ng mga taong nakauunawa sa katotohanan. Pangalawa, dahil naroroon ang mga taong nakauunawa sa katotohanan, medyo mapipigilan ang kanilang masasamang gawa, kaya magiging mahirap para sa kanila na makamit ang kanilang mga layon. Mula sa perspektibang ito, ang mga naghahangad sa katotohanan lang ang mga tagapagtanggol ng gawain ng iglesia. Dahil naroroon iyong mga naghahangad sa katotohanan, hindi mangangahas na maghari-harian ang mga anticristo at masasamang tao at dapat magsagawa sila ng kaunting pagpipigil. Kaya, iyong mga naghahangad sa katotohanan ay tinik sa lalamunan ng mga anticristo at masasamang tao, sakit sa ulo nila, at iyon ang dahilan kung bakit gumagawa sila ng mga paraan para isakatuparan ang kanilang paghihiganti.

Kapag isinasakatuparan ng masasamang tao ang paghihiganti nila, nagpapakita sila ng isang malupit na disposisyon, nagiging hindi makatwiran at walang pagkamakatwiran. Iyong mga nakasama nila ng ilang panahon at nakauunawa sa kanila ay medyo natatakot sa kanila. Ang pakikipag-usap sa kanila ay nangangailangan ng lubos na pag-iingat at paggalang, humihingi ng labis-labis na antas ng pagrespeto. Dapat palagi nilang pakalmahin at pagbigyan ang mga ito, at anumang isyu o kamalian na mayroon ang mga ito ay hindi maaaring direktang tukuyin. Sa halip, kailangan nilang talakayin ang mga isyung ito nang paligoy-ligoy, nang may panunuyo, at pagkatapos magsalita, kailangan din nilang purihin ang mga ito, sinasabing, "Kahit na mayroon ka ng ganitong kapintasan o pagkukulang, mas mabilis kang matuto ng mga kasanayan kaysa sa amin, ang iyong mga propesyonal na kapabilidad ay mas malakas kaysa sa iba, at ang iyong kahusayan sa gawain ay mas mataas kaysa sa amin. Nakikita ko ang iyong mga kapintasan bilang mga kalakasan." Kailangan pa nga nilang bolahin ang mga ito. Bakit nila ito ginagawa? Dahil ito sa takot sa paghihiganti ng mga ito. Sa ganitong paraan, nalulugod ang masasamang taong ito at nakararamdam sila ng hinahon sa kanilang puso. Para maiwasan ang kanilang paghihiganti, karamihan ng tao ay natatakot magbanggit ng mga isyung napapansin nila sa mga ito nang harapan, ni hindi sila nangangahas na iulat ang mga isyung ito. Kahit na malinaw na pinipinsala ng mga ito ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, at na ang gawain ng iglesia ay naaantala dahil sa katigasan ng

ulo nila at walang-ingat na pagkamapangahas nila, o kahit kapag napapansin ang ilang pagkabaluktot sa kanilang direksiyon at mga prinsipyo, walang sinuman ang naglalakas-loob na tumutol o mag-ulat sa kanila sa mga nakatataas. Dahil sa malupit nilang disposisyon at sa pagkatao nila na mahilig sa paghihiganti, medyo natatakot sa kanila ang iba, nagagalit pero masyadong natatakot na magsalita tungkol dito. Ang pakikipag-usap sa kanila ay dapat na maging partikular na magalang at maingat, na may sobrang mabait, malumanay, at pinong saloobin sa kanila. Kapag nakikipag-usap sa kanila ang mga tao nang may respeto at paggalang, sumusuko sa kanila, nakararamdam sila ng kaginhawahan sa kalooban nila. Gayumpaman, kung may isang taong prangka, inilalantad ang mga isyu nila at nag-aalok ng mga suhestiyon, nasusuklam sila, nakikita ito bilang kawalang-respeto, bilang pagkakaroon ng iba ng pagtutol o poot sa kanila. Ito ang nagtutulak sa kanila na maghiganti laban sa taong ito at pahirapan ito; kailangan nila itong pabagsakin at sirain ang pangalan nito. Kung ang taong iyon ay mapapasakamay nila, wala itong kahahantungang mabuti. Nakakatakot ba ang gayong mga tao? (Oo.) Kung hindi mo sila nauunawaan at masaktan mo ang damdamin nila, magtatanim sila ng galit sa iyo, mag-iisip na maghiganti laban sa iyo kahit habang kumakain at natutulog sila. Kapag nasa radar ka na nila, hindi na maiiwasan ang gulo, dahil determinado silang maghiganti. Bagaman maaari ka pa rin nilang kausapin tulad nang dati sa panlabas, sa sandaling magsimula silang mag-isip na maghiganti, ang lahat ng bagay na dati mong ginawa o sinabi sa kanila ay magiging armas nila laban sa iyo. Tatratuhin ka nila bilang kaaway, isasakatuparan ang paghihiganti nila nang paunti-unti hanggang sa pakiramdam nila ay sapat na silang nakapaghiganti at ganap nang nasiyahan. Ito ang kahihinatnan ng pakikisalamuha sa masasamang tao.

Ang mga tao na mahilig sa paghihiganti, batay sa kanilang iba't ibang pag-uugali at sa mga prinsipyo at pamamaraan ng kanilang pagkilos at pag-asal, ay banta sa halos lahat ng tao, maliban sa mga mabait at magiliw sa lahat at na walang mga prinsipyo kapag nakikitungo sa sinuman—ang gayong mga indibidwal ay ligtas kapag kasama ang malulupit na tao. Gayumpaman, iyong mga may kahit katiting na pagpapahalaga sa konsensiya o katarungan, sa iba't ibang antas at sukat, ay makararamdam ng banta kapag nasa presensiya ng mga taong mahilig sa paghihiganti. Sa malulubhang kaso, maaari silang maharap sa pisikal na pinsala o maging sa mga banta sa buhay nila, habang sa mas magagaang senaryo, maaari silang makaranas ng mga pambabatikos, paninirang-puri, o pagdidiin. Ang mga ito ang kabilang sa mga pangkalahatang pagbubunyag at pagpapamalas ng malupit na disposisyon ng mga taong mahilig sa paghihiganti. Batay sa kanilang pangkalahatang pagpapamalas, ang gayong mga tao ay nagdudulot din ng mga kaguluhan sa mga kapatid at sa loob ng iglesia. Halos lahat ng nakikipag-ugnayan sa mga mapaghiganting tao na ito ay nagiging puntirya ng kanilang paghihiganti at halos palaging nagiging isang biktima. Iyong mga mahilig sa paghihiganti ay may malupit na disposisyon, mga bomba silang maaaring sumabog anumang sandali. Bagaman maaari silang sumunod sa nakararami para gawin ang mga tungkulin nila at mamuhay ng

normal na buhay iglesia, batay sa pagkatao nila, maaari silang maghiganti at maging banta sa iba anumang oras, at magdulot sa mga tao na matakot at mag-ingat laban sa kanila. Hindi ba't katumbas na ito ng panggugulo para sa nakararami? (Oo.) Para maiwasang mapasama ang loob nila, para mapalugod sila, at para maiwasan ang pagsama ng loob nila at paghihiganti, dapat palaging bigyang-pansin ng mga tao ang kanilang mga ekspresyon at makinig sa mga ipinahihiwatig na kahulugan ng pananalita nila, sinusubukang alamin ang kanilang mga intensiyon, layon, at direksiyon kapag nagsasalita sila. Mula sa perspektibang ito, hindi ba't karamihan ng tao ay hindi lang nagugulo nila kundi nakokontrol din nila? (Oo.) Samakatwid, batay sa kalikasan ng usaping ito, hindi ba't masasamang tao ang gayong mga mapaghiganting indibidwal? (Oo.) Napakalinaw na dapat silang tukuyin bilang masasamang tao. Kung susubukan ng isang taong unawain ang sitwasyon ng gayong mga indibidwal, karamihan ay matatakot na sabihin ang katotohanan tungkol sa kanila, at isasantabi ang bawat katanungang tungkol sa kanila sa pamamagitan ng mga di-tiyak na sagot tulad ng "Ayos lang," hindi maglalakas-loob na iulat ang kanilang mga problema o magsalita tungkol sa kanila o suriin sila. Hindi ba't magulong sitwasyon ito? Sinasabi ng ilan, "Maaaring maghiganti ang gayong masasamang tao anumang oras at saanmang lugar; sino ang mangangahas na galitin sila? Higit pa rito, palagi nilang sinasabi na may mga koneksiyon sila sa mga kriminal at sa mga lehitimong pangkat, nagbabanta na kung may sinumang sasalungat sa kanila, hindi magiging maganda ang kahihinatnan ng taong iyon, tuturuan nila ito ng leksiyon, at gagawing miserable ang kamatayan ng pamilya nito. Samakatwid, walang sinumang nangangahas na galitin sila. Hayaan natin sila, at aasa na lang tayo na magiging maayos ang lahat para sa atin." Tingnan mo, nabubuo ang gayong sitwasyon sa iglesia, na ibig sabihin talaga na kontrolado na nila ang mga taong ito. Dahil sa nasaksihan na ng mga ito ang malupit nilang disposisyon sa paghihiganti, hindi naglalakas-loob ang mga tao na akusahan o pungusan sila, at hindi naglalakas-loob na sabihin ang mga tunay na pagsusuri ng mga ito sa kanila. Kailangan iwasan silang pag-usapan, sa takot na mapasama ang loob nila, at maging ang pagsasabi ng mga detalye tungkol sa mga tunay na pagpapamalas nila kapag nakatalikod sila ay sobrang nakakatakot. Ano ang kinatatakutan ng mga tao? Natatakot sila na makakarating ang mga salita nila sa mapaghiganting tao, na siyang maghihiganti laban sa kanila. Pagkatapos magsalita, hinahampas nila ang noo nila at sinasabing, "Ay naku, nagsalita ako nang wala sa lugar ngayon. Tingnan mo lang, mapapahamak ako rito. Bakit hindi ko kasi maitikom ang bibig ko?" Mula noon, namumuhay sila sa patuloy na pagkatakot at pagkabalisa, nagdadahan-dahan sa buhay, palaging nagmamasid kapag nasa paligid ng taong iyon, iniisip na, "Alam kaya niya ang sinabi ko? Nakarating na kaya ito sa pandinig niya? Pareho pa rin ba ang saloobin niya sa akin tulad ng dati?" Habang lalo silang nagbubulay-bulay, lalo silang hindi mapakali, at habang mas tumatagal ito, lalong tumitindi ang takot nila, kaya nagpapasya silang mas mabuti pang iwasan na lang siya, iniisip na, "Hindi ko kayang magbakasakaling galitin siya, pero kahit papaano ay maiiwasan ko siya. Alam man niya o

hindi ang sinabi ko, hindi ba maaaring lumayo na lang ako sa kanya?" Nagiging napakatindi ng takot na ito na ni hindi sila naglalakas-loob na dumalo sa mga pagtitipon, iniiwasan ang anumang lugar kung saan maaaring naroroon ang malupit na taong ito, kahit na doon nila dapat gawin ang tungkulin nila, nakararamdam ng labis na takot.

Paano dapat pangasiwaan ang masasamang tao na iyon na mahilig sa paghihiganti? (Paalisin sila.) Napakasimple lang nito: Dalawang salita lang—paalisin sila—at tapos na ito. Kung paaalisin sila at magdiriwang ang nakararami, nakararamdam ng malalim na kasiyahan, nangangahulugan ito na tamang desisyon ang paalisin sila. Noong nakaraan, sa mga pagtitipon, ang presensiya ng masasamang tao ay nangangahulugang napipigilan ang karamihan habang nagbabahaginan; natatakot sila na ang isang maling salita ay maaaring makapagpasama ng loob ng masasamang tao, kaya't nag-ingat sila at umiwas sa mga ito habang nagsasalita. Doon lumitaw ang isang di-nasusulat na patakaran sa mga pagtitipon: Kung may isang taong sumenyas gamit ang mga mata niya, mabilis na magbabago ang paksa. Ito ang lumitaw na kalagayan ng mga usapin. Matapos mapaalis ang mga taong mahilig sa paghihiganti, mapayapa ang iglesia, naging normal ang buhay iglesia, at bumalik din sa pagiging normal ang ugnayan sa pagitan ng mga tao. Ang mga kapatid ay malaya na ngayong makapagbabahagi at makapagdarasal-makapagbabasa ng mga salita ng Diyos, at malayang makapagbahagi ng kanilang mga patotoong batay sa karanasan, nang hindi kontrolado ng sinuman, nang hindi natatakot sa sinuman, at nang hindi kailangang magbigay-pansin sa mga ekspresyon ninuman. Batay sa resultang ito, tama ba na paalisin ang gayong masasamang tao? (Oo.) Tiyak na tama ito. Dapat silang paalisin. Kung hindi sila paaalisin, magiging napakahirap ng buhay para sa lahat, at marami ang labis na matatakot na dumalo sa mga pagtitipon. Ang ilang matatakuting indibidwal ay maaari pa ngang magdusa mula sa mga bangungot, palaging nananaginip na sinasakal sila ng masasamang demonyo. Palagi silang magiging sobrang maingat sa mga pagtitipon, hindi kailanman maglalakas-loob na magsalita, hindi magawang maramdamang sila ay pinalaya at malaya. Simula nang paalisin ang masasamang tao, ganap na silang nagbago: Naglalakas-loob na sila ngayong magsalita sa mga pagtitipon, naging mas aktibo na sila sa pagbabahaginan, at nararamdaman na nilang sila ay pinalaya at malaya. Hindi ba't isang mabuting bagay ito? (Oo.) Madaling makilatis ang gayong mga mapaghiganting indibidwal na may malupit na disposisyon. Sa pangkalahatan, pagkatapos makipag-ugnayan sa isang tao nang higit sa anim na buwan, dapat magawang maramdaman at malinaw na makita ng lahat ng tao kung ganoong uri ba sila ng indibidwal; nagiging maliwanag ito pagkatapos gumugol ng ilang panahon kasama nila. Hindi dapat maging pasibo ang mga lider at manggagawa sa iglesia sa pangangasiwa sa gayong masasamang tao. Ano ang ibig sabihin ng huwag maging pasibo? Ibig sabihin nito na huwag maghintay hanggang sa magalit ang lahat sa panlilihis ng mga ito sa ilang tao at sa paggawa ng masasamang gawa bago pakitunguhan ang mga ito—magiging masyadong pasibo iyon. Kaya, kailan ang pinakamainam na oras para pangasiwaan ang masasamang tao? Ito ay kapag ang maliit na bilang ng mga tao ay

napinsala na at nakararamdam ng matinding pagtutol at pag-iingat laban sa mga ito, at kapag ang mga ito ay ganap nang natukoy bilang masasamang tao. Sa puntong ito, dapat kaagad pangasiwaan at paalisin ang mga ito para maiwasang mapinsala ang mas marami pang tao, at para maiwasan ang mga matatakutin na matakot nang husto o matisod dahil sa kanila. Ano ang pinakamahalaga rito? Kung pahihintulutan ang masasamang tao na magdulot ng mga kaguluhan sa loob ng iglesia nang masyadong matagal, ang pinakahuling resulta ay na makokontrol nila ang iglesia at ang hinirang na mga tao ng Diyos. Kung magiging ganito na ito kalala, magdurusa ang lahat. Para maiwasan ang pinsala sa lahat, kapag may ilang tao na napinsala, o kapag may ilang nagkaroon na ng matinding pag-ayaw at nakilatis na ang gayong mga indibidwal, natutukoy ang mga ito bilang masasamang tao na mahilig sa paghihiganti, dapat agarang paalisin ang mga ito ng mga lider ng iglesia. Hindi sila dapat maghintay hanggang sa ang masasamang tao ay nakagawa na ng maraming kasamaan at nagpasiklab ng galit ng publiko bago magpasyang kumilos—magiging masyadong pasibo iyon; at hindi ba't magiging inutil ang mga lider ng iglesia kung ganoon? (Oo.) Sa pagsasagawa ng gayong gawain, ang mga lider ng iglesia ay dapat partikular na sensitibo sa mga kalagayan, pagpapamalas, at pagbubunyag ng gayong mga indibidwal, mabilis na nakikilatis ang disposisyon ng mga ito, at pagkatapos ay natutukoy na ang mga ito ay masasamang tao na dapat paalisin, pinangangasiwaan ang mga ito sa lalong madaling panahon. Kung hindi posible na gumawa ng pagtatakda sa simula, kinakailangan ang pagtutok sa pagmamasid, maingat na binabantayan ang pananalita, pag-uugali, at asal ng mga ito, inuunawa ang mga kaisipan ng mga ito at ang mga tendensiya ng kanilang mga pagkilos. Kapag natuklasang may balak ang mga itong isakatuparan ang kanilang paghihiganti, dapat magsagawa ng agarang mga hakbang para paalisin ang mga ito, para maiwasang mapinsala at magdusa sa mga gawa ng paghihiganti ang mas maraming tao.

Sinasabi ng ilang lider ng iglesia na, "Hindi kami natatakot sa masasamang tao; bukod sa pagkatakot sa Diyos, wala kaming kinatatakutang sinuman. Ano naman ang masasamang tao sa amin? Hindi nga kami natatakot kay Satanas, ni hindi kami natatakot sa mga pagdakip at pag-uusig ng malaking pulang dragon, kaya bakit namin dapat katakutan ang masasamang tao? Ang isang masamang tao ay isang maliit na demonyo lang, bakit siya katatakutan? Pananatilihin na lang namin siya sa iglesia at hahayaan ang karamihan sa mga kapatid na magdusa ng kapinsalaan. Pagkatapos magdusa, lalago sila sa pagkilatis, at nang may pagkilatis, hindi na sila magagapos at mapipigilan ng gayong masasamang tao. Magiging napakainam niyon!" Kaya bang kamtin ng nakararami ang ganitong tayog? (Hindi.) Hindi nila kaya. Masyadong mahina ang kanilang pananalig, masyadong kakaunti ang mga katotohanang nauunawaan nila, at masyadong maliit ang kanilang tayog. Iniiwasan nila ang masasamang tao sa tuwing nakikita nila ang mga ito, hindi sila naglalakas-loob na salungatin ang mga ito. Maliban sa pagkatakot sa kamatayan at pagpapahalaga sa sarili nilang buhay, pinoprotektahan din ng karamihan ng tao ang iba't iba nilang makalamang interes; hindi nila magawang

magkamit ng pagkilatis o matutunan ang mga leksiyon mula sa iba't ibang bagay na ginagawa ng masasamang tao. Kaya, ang ideyang ito ay pundamental na hindi praktikal at hindi magbubunga ng anumang resulta. Kung magpapakita ang isang masamang tao sa iglesia, sa panahong nakilala at natukoy na ng karamihan na ang indibidwal na iyon ay masama, gaano karaming tao ang nagtataglay ng pagpapahalaga sa katarungan para manindigan, kumawala sa masamang tao, lumaban dito, at protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos? Anong porsiyento iyon? 10% ba? Kung hindi 10%, 5% ba? (Mga ganoon.) Ibig sabihin na sa isang grupo ng dalawampu, maaaring may isang tao na maninindigan para lumaban sa isang masamang tao, para ilantad at hamunin ito gamit ang mga salita ng Diyos, makipagdebate, at paalisin ito sa iglesia. Ang gayong mga indibidwal ay ang mga bayani sa hinirang na mga tao ng Diyos, ang mga taong may merito sa iglesia. May ilang lider at manggagawa na natatakot na pangasiwaan ang masasamang tao. Naaangkop ba ang gayong mga tao sa kanilang mga papel? Kalipikado ba silang magpatotoo sa Diyos? Kapag nakaririnig sila ng tungkol sa isang masamang tao na kailangang paalisin mula sa iglesia, sinasabi nilang, "Medyo problema na paalisin siya. Naging sobrang pamilyar ako sa kanya dati. Alam niya kung saan ako nakatira at kung sino sa aking pamilya ang nananampalataya sa Diyos. Kung patatalsikin ko siya, tiyak na maghihiganti siya sa akin." Ano sa tingin ninyo, karapat-dapat bang maging mga lider at manggagawa ang gayong mga tao? (Hindi.) Pagkatapos matuklasan ang isang masamang tao na kailangang paalisin, ang unang naiisip nila ay ang sarili nilang mga interes, natatakot sa paghihiganti ng masamang tao. Nabibigo silang isaalang-alang kung ang masamang tao, na alam ang ilang lokasyon ng pagtitipon at impormasyon ng kontak ng mga kapatid, ay maaaring ipagkanulo ang iglesia o ang mga kapatid pagkatapos mapaalis, pati na rin kung paano ito dapat maiwasan. Ang pangunahing inaalala nila ay hindi ang mga interes ng sambahayan ng Diyos kundi ang takot na ang masamang tao, na alam ang sitwasyon ng pamilya nila, ay maaaring magkanulo at negatibong makaapekto sa kanilang pamilya. Nagpapatotoo ba ang gayong mga lider at manggagawa? (Hindi.) Nakikita ng ilang lider at manggagawa ang masasamang tao na naghahari-harian at nagtatangkang kontrolin ang iglesia, pero hindi sila naglalakas-loob na magsalita. Sa halip, nakikipagkompromiso sila at umiiwas, hindi naglalakas-loob na pangasiwaan ang masasamang tao. Kapag nakakakita sila ng masasamang tao, nakararamdam sila ng sobrang takot, na para bang nakakita sila ng masamang demonyo na may tatlong ulo at anim na braso, nabibigo silang protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Samantala, may ilang ordinaryong kapatid na nagtataglay ng kaunting pagpapahalaga sa katarungan, nagtataglay ng tapang at pananalig na manindigan at ilantad ang masasamang tao pagkatapos matuklasan ang mga ito, hindi natatakot na paghihigantihan sila ng masasamang tao. Gayumpaman, ang gayong mga indibidwal ay masyadong kakaunti sa iglesia. Ang 5% na nabanggit ninyo kanina ay maaaring isang pagmamalabis, hindi isang konserbatibong pagtataya. Mula sa perspektibang ito, ano ang saloobin ng nakararami sa mga indibidwal na may

malupit na disposisyon na mahilig sa paghihiganti? (Karamihan sa mga tao ay mapagprotekta sa sarili.) Ang una nilang iniisip ay ang protektahan ang sarili nila, hindi isinasaalang-alang kung paano manindigan at lumaban sa masasamang tao para protektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng mga kapatid, nakatuon lang sila sa pagprotekta sa sarili. Anong problema ang ipinapakita nitong pagprotekta sa sarili? (Ang gayong mga tao ay labis na makasarili.) Sa isang banda, sinasalamin nito ang isang sobrang makasariling pagkatao, at sa kabilang banda, ipinapakita nito na ang pananalig ng karamihan ng tao sa Diyos ay masyadong mahina. Sinasabi nila, “Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay; ang Diyos ang ating suporta,” pero kapag nahaharap sa realidad, pakiramdam nila ay hindi nila masasandigan ang Diyos at dapat silang umasa sa sarili nila, inuuna ang sarili nilang pagprotekta sa sarili, na isang bagay na itinuturing nilang pinakamataas na karunungan. Ang implikasyon nito ay: “Walang makapagpoprotekta sa akin, maging ang Diyos ay hindi maaasahan. Nasaan ang Diyos? Hindi natin Siya makita! Bukod pa rito, hindi ko alam kung poprotektahan ba ako ng Diyos o hindi. Paano kung hindi Niya ako protektahan?” Lubos na kahabag-habag ang pananalig ng mga tao. Palagi nilang ipinahahayag, “Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay; ang Diyos ang ating suporta,” pero kapag may nangyayaring mga sitwasyon, ang hinahangad lang nila ay ang pagprotekta sa sarili, hindi magawang manindigan laban kay Satanas at panindigan ang kanilang patotoo, wala man lang maging ng ganitong lakas ng pananalig. Lubos na kahabag-habag ang pananalig ng mga tao; ito rin ay ganap na nalantad ng usaping ito. Sadyang ganoon kaliit ang kanilang tayog. Tungkol sa masasamang tao na mahilig sa paghihiganti, kung may ilang indibidwal na gusto silang ilantad pero pakiramdam nila ay nakahiwalay sila at walang kapangyarihan at natatakot na sugpuin ng masasamang tao, dapat silang makipagkaisa sa ilang lider at manggagawa o mga mapagkilatis na kapatid. Pagkatapos nilang magsanib-puwersa, magkakaroon sila ng ganap na kumpiyansa sa tagumpay. Pagkatapos, mailalantad at mahihimay nila ang mga pagkilos at pag-uugali ng gayong masasamang tao, pinahihintulutan ang karamihan ng tao na makilatis at malinaw na makita ang tunay na mukha ng masasamang tao, para magagawang magkaisa ng lahat sa puso at isipan at sama-samang paalisin ang masasamang tao. Kanina, binanggit ninyo na kapag nagpapakita ang masasamang indibidwal, may isa sa bawat dalawampu sa hinirang na mga tao ng Diyos ang maaaring magtaglay ng pagpapahalaga sa katarungan para magsalita nang makatarungan at maglakas-loob na manindigan at paalisin ang gayong masasamang tao. Ang isa sa dalawampu ay masyadong kaunti; kung ang isang iglesia ay binubuo lang ng sampung tao, paano nila aalisin ang masasamang indibidwal? Hindi nila magagawa iyon; ang sampung tao na iyon ay mapasasailalim sa kontrol ng masasamang tao, at magdurusa ng pagmamaltrato mula sa kanila, na hindi katanggap-tanggap. Magiging napakainam na maglayon para sa isa sa bawat sampu o kahit isa sa bawat limang tao na may tapang na manindigan at lumaban sa masasamang tao! Ang patuloy na paghahangad na protektahan ang sarili

ay hindi lang nagreresulta sa pagkawala ng patotoo sa harap ni Satanas, kundi mas malala pa, sa pagkawala ng pagkakataong makamit ang katotohanan sa harap ng Diyos. Sa isang iglesia na may isang masamang indibidwal, kahit papaano ay may ilang taong mapipinsala; kung may dalawang masamang tao, ang karamihan ay mapipinsala; at kung isang anticristo ang hahawak ng kapangyarihan, na may ilang kasabwat at kampon sa ilalim niya, ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia ay mapipinsala. Ganito ba ang kaso? (Oo.) Ang isang taong naninindigan laban sa masasamang tao ay kumakatawan sa isang yunit ng lakas, samantalang ang sampung tao na naninindigan laban sa masasamang tao ay kumakatawan sa sampung yunit ng lakas. Kaya, sa palagay ba ninyo ay mas kinatatakutan ng masasamang tao ang isang tao o ang sampung tao pa? (Ang sampung tao.) Kaya, kung dalawampu, tatlumpu, o limampung tao ang maninindigang lahat laban sa masasamang tao, sino ang magwawagi sa huli? (Ang mga kapatid.) Sa huli, magwawagi ang mga kapatid. Hindi ba't mas pinadadali nito ang pagpapaalis sa masasamang tao? May lakas sa bilang—ang simpleng konseptong ito ay dapat maging malinaw sa inyong lahat. Samakatwid, ang pagkilatis at pagpapaalis ng masasamang tao ay hindi lang responsabilidad ng isang partikular na lider o manggagawa kundi isang kolektibong responsabilidad ng lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iglesia. Sa pagsusumikap ng mga lider at manggagawa, pati na sa kooperasyon ng hinirang na mga tao ng Diyos para paalisin ang masasamang tao, ang lahat ay magtatamasa ng magagandang araw. Kung ang masasamang tao ay hindi mapapaalis at maiiwan sa iglesia sa pag-asang magsisisi sila, pero walang pagbabagong nakikita sa kanila pagkatapos ng anim na buwan o isang taon, at patuloy silang nagdudulot ng di-matiis na panggugulo sa hinirang na mga tao ng Diyos, ito ang resulta ng pagpapakita ng awa sa masasama. Ang pagpapahintulot sa masasamang tao na maghari-harian at kontrolin ang iglesia ay katumbas ng pagbibigay ng isang tao ng kanyang sarili sa masasamang tao, pati na rin ang paghahatid sa mga kapatid sa mga kamay ng mga ito, pinahihintulutan ang mga ito na malayang kontrolin at lubhang pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos. Madali bang maunawaan at makamit ang katotohanan sa isang kapaligiran kung saan ang masasamang tao at mga anticristo ang may hawak ng kapangyarihan? (Hindi.) Mahalaga ang oras. Sa pagpapaalis sa masasamang tao sa lalong madaling panahon, maaari mong maibalik ang kapayapaan at matamasa ang tamang buhay iglesia sa lalong madaling panahon, at mas mauunawaan mo ang katotohanan. Kung hindi mo paaalisin ang masasamang tao, magdudulot sila ng kaguluhan at pagkawasak sa mga tao tulad ng mga asong ulol, nagsasabi at gumagawa ng anumang naisin nila. Pinagkakaitan ka nito ng oras para makamit ang katotohanan, ibig sabihin, ang iyong oras at ang pagganap mo ng tungkulin ay kontrolado ng masasamang tao. Isa ba itong mabuti o masamang bagay? (Isang masamang bagay.) Sa teorya, alam ng lahat na isa itong masamang bagay, pero kapag nahaharap sa masasamang tao na gumugulo sa iglesia, hindi na sila ganito mag-isip, nakatuon lang sa kung paano sila hindi mabibiktima ng pagpapakana o malubhang mapipinsala ng

masasamang tao. Kung ang lahat ng hinirang na mga tao ng Diyos sa isang iglesia ay natatakot nang ganito sa masasamang tao, madaling makokontrol ang iglesia ng masasamang tao at mga anticristo, at ang hinirang na mga tao ay makokontrol din nila. Ililigtas ba sila ng Diyos kung ganoon? Mahirap sabihin iyon. Kung ang isang iglesia ay walang dalawa o tatlong tao na nakauunawa sa katotohanan at na may iisang puso at isipan sa pagpapatotoo at paglilingkod sa Diyos, ito ay isang walang pag-asang iglesia, at iyon ay isang kalunos-lunos na sitwasyon.

Ang pagiging mahilig sa paghihiganti ay isang pagpapamalas ng masamang asal, at isa ito sa mga pag-uugali at pagpapamalas na dulot ng isang malupit na disposisyon. Ang gayong mga indibidwal, kapag nagpapakita sila ng ganitong partikular na pag-uugali, ay dapat na matukoy bilang masasamang tao. Siyempre, may ilang tao, dahil may makitid silang pag-iisip, walang kabatiran, o mga bagong mananampalataya na hindi pa nakaunawa sa katotohanan, na palaging nakikipagtalo tungkol sa maliliit na bagay, nagkimkim ng pagkamuhi sa mga hindi paborable sa kanila o mga nakapinsala sa kanila, o minsang gumamit ng ilang pamamaraan para maghiganti sa partikular na mga indibidwal—pero pagkarinig na iyong mga mahilig sa paghihiganti ay masasamang tao at dapat paalisin sa iglesia, binabago nila ang pag-iisip nila, lihim nilang binabago ang sarili nila sa loob, at nagpapakita ng kaunting pagtitimpi at pagpipigil sa pag-uugali nila. Sabihin ninyo sa Akin, itinuturing ba ang gayong mga tao bilang kabilang sa hanay ng masasama? (Hindi.) Ano ang ipinapakita nito? (Ang kanilang abilidad na baguhin ang sarili nila.) Ano ang ipinapakita ng abilidad nilang baguhin ang sarili nila? Ipinapakita nito na kaya nilang tanggapin ang katotohanan; ito ay isang magandang penomeno. Bakit sinasabi nating kaya nilang tanggapin ang katotohanan? Dahil, pagkarinig sa katotohanan hinggil dito at mapagtanto na ang paghihiganti ay isang pagpapamalas ng masasamang tao, nagninilay sila sa sarili nilang tiwaling kalagayan, inaamin ang tiwali nilang diwa, at pagkatapos ay nagsisisi sa Diyos, kumikilos nang naaayon sa mga salita ng Diyos, at pinipigilan ang pag-uugali nila. Ito ay isang pagpapamalas ng pagtanggap sa katotohanan. Ang masasamang tao na tinutukoy natin dito ay hindi tumatanggap ng katotohanan. Gaano kalinaw mo mang ibahagi ang katotohanan sa kanila, hindi nila ito tinatanggap; nananatiling matigas ang kanilang ulo, hindi nakikinig sa sinuman. Kahit magbabala ka pa sa kanila, “Ang mga pagkilos mo ay hahantong sa pagpapaalis sa iyo,” wala silang pakialam at nagpapatuloy sa mga gawi nila, hindi mababago ninuman. Kapag inilalantad mo sila, hindi nila inaamin ang mga kamalian nila. Kapag sinasabi mo sa kanila na sila ay isang tao na mahilig sa paghihiganti, masama sila, at dapat silang paalisin, hindi pa rin nila tatalikuran ang masama nilang gawain at talagang hindi sila magbabago. Anong uri ng mga tao ang mga ito? Sila iyong mga tutol sa katotohanan. Hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan—gaano man tinutukoy ang disposisyong diwa nila, gaano man inilalantad ang masasamang gawa nila, o gaano man sila pinangangasiwaan, nananatili silang hindi natitinag, talagang hindi nagpapakumbaba at umaamin sa mga pagkakamali nila, at tiyak na hindi nila bibitiwan ito. Ito ay kawalan

ng kakayahang magbago. Ano ang diwa ng hindi pagbabago ng sarili? Ito ay ang pagtangging tanggapin ang katotohanan. Kung kaya nilang tumanggap ng kahit isang tamang pahayag o isang aspekto ng katotohanan, hindi sila magpapatuloy sa maling landas nang hindi bumabalik. Magbabago sila ng direksiyon, aaminin ang kanilang mga pagkakamali, at kahit papaano, bibitiwan nila ang mga bagay na dati nilang pinagpipilitan. Dahil masasamang tao sila, dahil masasamang indibidwal sila na may malupit na disposisyon, pagkatapos lumitaw ang pag-uugali nila ng paghihiganti mula sa gayong disposisyon, hindi lang sila tumatangging tanggapin ang inilalantad ng mga salita ng Diyos, ang mapungusan, o ang ganitong uri ng pagtukoy, kundi sa kabaligtaran ay iginigiit nila ang mga gawi nila hanggang sa huli. Wala silang plano na tanggapin ang matukoy o malantad, ni hindi nila balak na aminin ang katiwalian nila. Siyempre, sa hindi pag-amin sa kanilang katiwalian, hindi rin nila plano na talikuran ang kanilang pag-uugali at mga pagkilos ng paghihiganti, ni ang mga prinsipyo nila sa pag-asal. Ganap at lubos na masama sila. Hindi ba't ang gayong masasamang tao ay mga diyablo? (Oo.) Sila ay mga diyablo na ganap na nagtataglay ng diwa ni Satanas. Hindi mo sila mababago. Bakit hindi sila mababago? Ang ugat na dahilan ay ang kanilang ganap na pagtanggi na tanggapin ang katotohanan. Tinatanggihan nila maging ang pinakamaliit na katotohanan, anumang tamang pahayag, positibong salita, o positibong bagay. Kahit na berbal nilang kinikilala ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan at bilang mga positibong bagay, hindi talaga tinatanggap ng puso nila ang katotohanan, ni hindi nila plano na isagawa at danasin ang mga salita ng Diyos para baguhin ang kanilang mga paraan ng pag-asal at paggawa ng mga bagay. Minsan, maaaring berbal nilang aminin na ang mga pagkilos nila ay ganap na batay sa pilosopiya ni Satanas, pero hinding-hindi pa rin nila tatanggapin ang katotohanan. Ang sinumang nagbabahagi ng katotohanan sa kanila ay sinasalubong ng matinding pagkasuklam, at maging ng pagkamuhi at panghuhusga nila, at ang sinumang naglalantad at kumikilatis sa kanila ay nagiging puntirya ng pagkamuhi at paghihiganti nila, kahit sino pa ito—hindi pinalalampas maging ang sarili nilang mga magulang. Hindi ba't hindi na sila matutubos? (Oo.) Hindi na sila matutubos. Nakapanghihinayang ba na paalisin sila? (Hindi.) Ang gayong mga indibidwal ay dapat paalisin o patalsikin. Lahat ng ito ay mga pangunahing pagpapamalas niyong mga mahilig sa paghihiganti; ang mga ito ang mga katangian nila, mga disposisyon nila, mga pamamaraan at diskarte nila sa paggawa ng mga bagay-bagay at mga proseso nila ng pag-iisip, pati na rin ang saloobin nila sa katotohanan—ito na talaga ito. Natalakay na ang epektong mayroon sila sa iglesia at sa mga kapatid, kaya hindi na kailangang pagbahaginan pa itong muli. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng ikaapat na uri ng mga tao—iyong mahilig sa paghihiganti.

E. Hindi Magawang Makontrol ang Sariling Dila

Sunod, magbabahaginan tayo tungkol sa ikalimang uri ng mga tao, iyong mga hindi kayang kontrolin ang dila nila. Isang seryosong problema ba ito? Kung titingnan ito mula

sa literal na pananaw, tila hindi naman malaking isyu ang hindi magawang makontrol ang sariling dila. Maaaring may partikular na mga kaisipan ang ilan tungkol sa pagtukoy sa mga indibidwal na ito bilang masasamang tao: “Dahil may bibig ang mga tao, nakatakda silang magsalita anumang oras at saanmang lugar; maaari nilang talakayin ang mga usapin anumang oras at kahit saan. Hindi ba’t medyo kalabisan na ikategorya iyong mga hindi kayang kontrolin ang dila nila bilang masasamang tao na dapat paalisin?” Ano ang palagay ninyo tungkol dito? (Kung nagdudulot sila ng mga panggugulo at paggambala sa buhay iglesia o sa gawain ng iglesia, na humahantong sa masasamang kahihinatnan, sila rin ay paaalisin.) Ang problema sa gayong mga tao ay hindi tungkol sa hindi nila pagkontrol sa dila nila; problema ito sa kanilang pagkatao. Kung nagdudulot sila ng mga panggugulo sa mga kapatid, sa buhay iglesia, at sa gawain ng iglesia, o ang mga salita nila ay katumbas ng pagkakanulo at pagtataksil sa iglesia, at nagdudulot pa nga ng kahihiyan sa sambahayan ng Diyos at sa pangalan ng Diyos, dapat pangasiwaan ang gayong mga indibidwal. Talakayin muna natin ang mga pagpapamalas niyong mga hindi kayang kontrolin ang dila nila, at pagkatapos ay kung paano sila pangangasiwaan. Matatawag bang “madaldal” ang mga taong hindi kayang kontrolin ang dila nila? (Oo.) Ganoon ba? Katangian ba ito ng gayong mga tao? Ang pagiging madaldal ba ay nangangahulugan ng pagiging hangal at walang kamalayan sa kung ano ang dapat at hindi dapat sabihin, sinasabi ang anumang maisip nang hindi isinasaalang-alang ang mga kahihinatnan? Ito ba ang ibig sabihin ng hindi pagkontrol sa dila ng isang tao? (Hindi.) May ilang tao na magaling sa pagsasalita at pakikipag-ugnayan; prangka sila, at medyo simple at matapat. Madalas silang magbahagi ng mga saloobin at ideya nila, ng mga pagbubunyag nila ng katiwalian, kung ano ang naranasan nila, at maging ang mga pagkakamali nila, sa iba. Gayumpaman, hindi nangangahulugan na ang mga indibidwal na ito ay hangal o hindi magawang makontrol ang dila nila. Tila nagsasalita sila tungkol sa lahat ng bagay at medyo simple at matapat; pero pagdating sa mahahalagang isyu, mga isyu na makapagdudulot ng kahihiyan sa Diyos o sa sambahayan ng Diyos, o mga isyu na maaaring kapalooban ng pagkakanulo nila sa mga kapatid o sa iglesia, sa gayon ay ginagawa silang mga Hudas, hindi sila umiimik. Ito ang tinatawag na pagkontrol sa dila nila. Samakatwid, hindi ibig sabihin na ang mga prangkang tao, mga madaldal, o iyong magagaling magsalita ay hindi kayang kontrolin ang dila nila. Ano ang ibig sabihin dito ng hindi magawang makontrol ang sariling dila? Ang hindi magawang makontrol ang sariling dila ay nangangahulugan ng pagsasalita nang walang prinsipyo, at pagsasalita nang walang ingat nang hindi isinasaalang-alang ang mga tagapakinig, ang okasyon, o ang konteksto. Bukod pa rito, kinapapalooban ito ng lubos na hindi pagkakaalam kung paano protektahan ang gawain ng iglesia at ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, o ng hindi talaga pagmamalasakit kung nakikinabang ba rito ang mga kapatid o ang buhay iglesia, at basta lang nagsasabi ng kung ano-ano. Ano ang kahihinatnan ng “basta lang nagsasabi ng kung ano-ano”? Ito ay ang di-sinasadyang pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos at sa mga interes ng mga kapatid.

Hindi sinasadya, dahil sa walang ingat nilang pagsasalita at kawalang-kakayahan na kontrolin ang dila nila, binibigyan nila ng kalamangan ang mga walang pananampalataya laban sa sambahayan ng Diyos, hinahayaan ang mga walang pananampalataya na kutyain ang partikular na mga kapatid, at hinahayaan ang mga walang pananampalataya at mga tao na hindi nananampalataya sa Diyos na makaalam ng maraming bagay na hindi dapat nila malaman. Bilang resulta, ang mga taong ito ay malayang nagkokomento at nagbibigay ng mga walang galang na puna tungkol sa mga usapin ng sambahayan ng Diyos at sa mga panloob na usapin ng iglesia, at nagsasabi ng mga bagay na naninira at lumalapastangan sa Diyos. Maaari pa nga silang mag-imbento ng mga tsismis tungkol sa mga kapatid, sa iglesia, at sa gawain ng sambahayan ng Diyos, na nagdudulot ng masasamang kahihinatnan. Ito ay katumbas ng panggugulo sa gawain ng sambahayan ng Diyos at katulad ng paggawa ng masama. May ilang indibidwal na nagbibigay ng partikular na pansin sa pag-alam at pag-iimbestiga sa kung sino ang mga lider at manggagawa sa iglesia, mga address ng pamilya nila, personal na impormasyon ng mga kapatid, gawaing pinansiyal at pagkukuwenta ng iglesia, mga tauhan sa pagkukuwenta, at mga tala ng mga taong pinaalis o pinatalsik sa iglesia. Partikular na nakatuon din sila sa pag-aaral ng tungkol sa mga pagsasaayos ng gawain ng iglesia. Ang gayong pag-uugali ay lubhang kahina-hinala at maaaring magpahiwatig na sila ay mga tiktik o espiya ng malaking pulang dragon. Kung isisiwalat ang mga detalyeng ito sa mga di-nananampalatayang diyablo, pinahihintulutang malaman ng malaking pulang dragon ang tungkol sa kanila, magiging kahindik-hindik ang mga kahihinatnan. May ilan, dala ng kahangalan at kamangmangan, na maaaring magbahagi ng impormasyong ito o ng bahagi nito sa mga di-nananampalatayang kapamilya nila, na pagkatapos ay ipinapakalat o ipinapaalam sa mga ahente ng malaking pulang dragon. Maaari itong magdulot ng mga potensiyal na banta at magdala ng maraming problema sa gawain ng iglesia, na may mga di-maisip na kahihinatnan. Ang mga panloob na usaping ito ng iglesia ay madalas na di-sinasadyang naibabahagi sa mga di-nananampalatayang kapamilya ng ilang tao, na nagsisiwalat ng lahat ng bagay nang walang pasubali. At naibabahagi pa nga ang mga ito sa kanilang mga di-nananampalatayang kamag-anak at kaibigan. Humahantong ito sa patuloy na pagsisiwalat ng mga panloob na usapin ng iglesia sa mundo sa labas sa pamamagitan ng mga salita nila. Ano ang kahihinatnan ng mga pagsisiwalat na ito? Marami sa kanilang mga di-nananampalatayang kapamilya, kamag-anak, at kaibigan ang makakaalam sa maraming panloob na usapin ng iglesia na maaaring hindi alam kahit ng mga kapatid, o sa mga address ng tirahan ng mga kapatid, sa mga tunay nilang pangalan, at mga pribadong usaping mag-asawa. Paano naisisiwalat ang mga usaping ito ng iglesia? Paano nalalaman ng mga walang pananampalataya ang mga ito? May mga “tagapag-ulat” sa loob ng iglesia! Ano ang tawag sa gayong mga tao? (Iyong mga hindi kayang kontrolin ang dila nila.) Mismo. Ibinabahagi nila ang lahat ng nangyayari sa pang-araw-araw na buhay iglesia o mga bagay na may kinalaman sa mga kapatid sa kanilang mga di-nananampalatayang kapamilya, tulad ng isang partikular na kapatid

na nakikipagdiborsyo, isa pang kapatid na may asawang nawalan ng pera sa negosyo o may suwail na anak, o isa pang partikular na kapatid na bumibili ng bahay, at iba pa. Pinag-uusapan din nila ang tungkol sa mga kapatid na dinakip ng malaking pulang dragon at naging mga Hudas, o iyong mga nanindigan sa kanilang patotoo, at binanggit pa nga na pinungusan sila ng mga lider ng iglesia. Ang mga pag-uusap nila sa bahay ay ganap na umiikot lang sa mga paksang ito. Nagbibigay pa nga ang mga kapamilya nila ng mga payo at estratehiya para tulungan silang kumilos laban sa mga lider, mga kapatid, o sinuman sa iglesia na hindi nila nakakasundo, nagdudulot ng mga hamon, o naglantad sa kanila. Sa mga pagtitipon ng mga kapatid, ang gayong mga indibidwal ay tila partikular na masunurin at may mabuting asal, nagsasalita nang kaunti, hindi magaling makipag-usap, hindi kailanman nagsasalita ng tungkol sa kanilang mga sariling tiwaling disposisyon, hindi kailanman nakikipagbahaginan ng kanilang pagkaunawang batay sa karanasan, at bihira pa ngang magdasal. Tinatrato nila ang mga kapatid nang may pag-iingat, habang tinatrato ang mga di-nananampalatayang kapamilya nila na para bang ang mga ito ay mga miyembro ng sambahayan ng Diyos. Binibigkas nila ang lahat ng detalye tungkol sa iglesia sa mga kapamilya nila nang walang binabawas na detalye, ibinabahagi ang lahat sa mga ito, kasama maging ang pagpapalimbag ng iglesia ng mga aklat ng salita ng Diyos, kung sino ang may kung anong mga talento sa iglesia, at iba pa—ang lahat ng ito ay tinatalakay sa kanilang mga kapamilya at sa mga taong hindi nananampalataya sa Diyos. Anuman ang pakay nila sa paggawa nito, ang pinakahuling kahihinatnan ay na ipinagkakanulo nila ang gawain ng iglesia at ang mga kapatid. Alam nila ang sitwasyon ng bawat pangunahing miyembro ng iglesia. Siyempre, ang mga taong ito ay mga paksa rin sa mga talakayan at panghuhusga nila kapag nakatalikod ang mga ito, at maaari pa ngang maging ang mga tao na palihim nilang ipinagkakanulo. Kung may isang tao na may magandang ugnayan sa kanila, walang tigil nilang pupurihin ang taong iyon sa harap ng pamilya nila. Sa kabaligtaran, kung may isang tao na may hindi magandang ugnayan sa kanila, walang tigil silang magbibitiw ng masasakit na salita tungkol sa taong iyon sa harap ng pamilya nila, idinudulot pa nga na makisali ang pamilya nila sa pambabatikos, tinatawag ang mga kapatid na mga hangal o sinasabing hindi mabuti ang mga ito. Iniinsulto ng mga indibidwal na ito ang mga kapatid gamit ang anumang nakaiinsultong salitang ginagamit ng mga walang pananampalataya. Para silang mga walang pananampalataya; mga ganap silang hindi mananampalataya; hindi sila mabuti, at ang gayong mga indibidwal ay nararapat na kaagad paalisin.

Sa bansa ng malaking pulang dragon, ang impormasyon ng lahat ng nananampalataya sa Diyos ay dapat na panatilihing kumpidensiyal, at kahit kapag lumipat sa ibang bansa ang hinirang na mga tao ng Diyos, dapat manatiling pribado ang impormasyon nila. Ito ay dahil ang mga espiya ng malaking pulang dragon ay nakakalat sa bawat bansa sa mundo, nanghihimasok sa bawat lugar na may partikular na pakay na mangalap ng impormasyon tungkol sa mga nananampalataya sa Diyos. Sa mainland China, ang sitwasyon ng mga kapatid na sumusunod sa Diyos ay lubhang mahirap at mapanganib.

Kahit na mangibang bansa sila, may partikular na antas ng panganib. Kung makakalap ng mga espiya ng malaking pulang dragon ang impormasyon nila, sa isang banda, may panganib ng ekstradisyon, at sa kabilang banda, kahit papaano, maaaring masangkot ang mga kapamilya at kamag-anak nila sa mainland China. Para sa mga kadahilanang pangkaligtasan at bilang paggalang sa mga indibidwal, ang personal na impormasyon ng mga kapatid ay dapat panatilihing kumpidensiyal ng lahat at hindi dapat ibahagi sa mga hindi nananampalataya sa Diyos. Kahit sa mga nananampalataya sa Diyos, ang personal na impormasyon ay hindi dapat na kaswal na isinisiwalat sa iba nang walang pahintulot ng indibidwal. Lubos na ipinagbabawal ang pagtrato sa anumang impormasyon tungkol sa mga kapatid, gawain ng iglesia, at mga tungkuling ginagampanan ng isang tao, mga karanasang isinasalaysay sa pagbabahaginan, o iba pang gayong mga detalye bilang mga paksa ng usapan para ikuwento sa mga walang pananampalataya sa oras ng pahinga ng isang tao. Ano ang mga kahihinatnan ng pagtalakay sa mga usaping ito sa kanila? Mayroon bang anumang positibong resulta? (Wala.) Ang kahihinatnan ng gayong mga talakayan ay na ang mga di-nananampalatayang diyablong ito ay mananamantala, mangungutya, at manghuhusga, at magmumura at maninirang-puri pa nga. Mabuti ba ito? (Hindi.) Dapat ninyong suriin kung may mga indibidwal sa loob ng iglesia na may mga natatagong motibo, na tumatalakay sa gayong mga detalye tulad ng mga aktuwal na sitwasyon ng gawain ng iglesia at buhay iglesia—gayundin kung sino ang tunay na nananampalataya sa Diyos, sino ang naghahangad sa katotohanan, sino ang gumagawa ng mga tungkulin nila, sino ang hindi gumagawa ng mga tungkulin nila, sino ang madalas na negatibo, sino ang may magulong pananalig, at maging ang personal na impormasyon at mga sitwasyon tungkol sa mga kapatid—sa mga walang pananampalataya at hindi nananampalatayang kapamilya, nang pawang walang pasubali. Hanapin ang gayong mga indibidwal. May mga usapin na hindi kailangang malaman maging ng mga tao sa loob ng iglesia, pero mas alam pa ng mga di-nananampalatayang kapamilya ng gayong mga indibidwal ang mga usaping ito kaysa niyong mga nasa loob ng iglesia—at mas malinaw pa ngang nakakaalam tungkol sa mga ito. Paano ito nangyayari? Ito ang “ambag” ng isang tiktik sa loob. Tinatrato ng tiktik na ito ang kanyang mga kapamilya na parang mga lider ng iglesia, iniuulat sa bahay ang anumang makita niya sa iglesia sa kanyang mga “lider” sa pagtatangkang sumipsip at palalimin ang emosyonal na koneksiyon sa kanyang pamilya. Malinaw na ang lahat ng usaping ito sa iglesia ay ipinagkanulo ng mga tiktik na iyon na hindi kayang kontrolin ang dila nila. Hindi nila iginagalang ang mga kapatid, ni hindi nila pinoprotektahan ang gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos. Tinatrato nila ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia na parang lipunan o isang pampublikong lugar, kaswal na nagkokomento at nanghuhusga sa mga kapatid na para bang mga walang pananampalataya sila, sumasali pa nga sa mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya sa malayang panghuhusga sa mga kapatid. Bukod pa rito, may ilang indibidwal na, pagkatapos mapungusan ng mga lider o pagkatapos ng mga alitan, di-pagkakaunawaan, at di-pagkakasundo sa mga kapatid, ay

umuuwi at gumagawa ng eksena, sinisiguradong alam ng pamilya nila ang lahat ng tungkol dito. Ang kahihinatnan nito ay na ang pamilya nila ay naghihiganti sa mga lider o sa mga kapatid, nilalayong ipagkanulo at pabagsakin ang iglesia. Isang mabuting penomeno ba ito? (Hindi.) Ang pagbabahagi sa mga kapamilya, kamag-anak, at kaibigan nang walang pasubali ng tungkol sa mga panloob na usapin ng iglesia, at ng mga bagay gaya ng kung ilang kapatid ang namumuhay ng buhay iglesia, at kung anong mga tungkulin ang ginagawa ng lahat—anong uri ng mga buhong sila? Mga tunay na mananampalataya ba sila? (Hindi.) Mga miyembro ba sila ng sambahayan ng Diyos? Matatawag ba silang mga kapatid? (Hindi.) Ang pagpapanatili sa gayong mga tiktik at nakatagong taksil sa loob ng iglesia ay magdadala, maging sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap, ng malaking problema sa sambahayan ng Diyos at sa mga kapatid. Kahit na parang wala silang gaanong nagagawang masasamang gawa sa buhay iglesia, ang mga kahihinatnan at epekto ng kanilang lihim na pagpapasa ng iba't ibang detalye tungkol sa sambahayan ng Diyos sa mga walang pananampalataya, sa mga Satanas, at sa mga diyablo ay labis na nakapipinsala! Dapat bang pahintulutang manatili ang gayong basura sa iglesia? (Hindi.) Karapat-dapat ba silang tawaging mga miyembro ng sambahayan ng Diyos? Karapat-dapat ba silang tratuhin bilang mga kapatid? (Hindi.) Paano dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? (Dapat silang paalisin sa lalong madaling panahon.) Dapat silang paalisin sa lalong madaling panahon! Patalsikin sila! Ito ang dahilan kung bakit kailangan silang paalisin: "Hindi mo kayang kontrolin ang dila mo, bigo kang makilala kung ano ang mabuti para sa iyo, kinakagat ang kamay na nagpapakain sa iyo. Nananampalataya ka sa Diyos at nagtatamasa ng Kanyang biyaya, pati na ng tulong, pagmamahal, pasensiya, at malasakit mula sa mga kapatid, pero ipinagkakanulo mo pa rin ang mga kapatid at ang iglesia nang ganito. Wala kang kuwenta; lumayas ka!" Ang mga usapin ng mga kapatid, ang mga usapin ng iglesia, at ang anumang gawain ng sambahayan ng Diyos ay hindi dapat na isiwalat sa mga walang pananampalataya, ni hindi rin dapat gamitin bilang mga paksa ng walang kabuluhang usapan nila. Hindi sila karapat-dapat dito! Sinumang nagpapakalat ng gayong impormasyon ay nagiging isang isinumpang tao, isang taong dapat paalisin ng iglesia, at dapat silang itakwil ng mga kapatid. Batay lang sa mga pagkilos nila ng pagkakanulo sa mga kapatid at sa iglesia, pagbabahagi ng mga panloob na usapin ng iglesia sa mga walang pananampalataya para sa kaswal na usapan, walang dudang sila ay mga taksil, tiktik, at masasamang tao na nararapat paalisin mula sa iglesia. Ang mga kapatid ay malayang makipagbahaginan at makipagdebate ayon sa pangangailangan tungkol sa anumang gawain na ginagawa sa loob ng iglesia—tulad ng kung sino ang dapat paalisin o ang naganap na mga partikular na pangyayari—pero hindi ito dapat ibahagi sa mga walang pananampalataya, at hindi ito maaaring pag-usapan kasama ng mga di-nananampalatayang kapamilya. Sa partikular, ang personal at pampamilyang sitwasyon ng mga bagong kapatid na may mababang tayog ay hindi dapat na isiwalat sa mga tagalabas. Kung mahirap para sa iyo na sarilinin ito, dapat kang manalangin sa

Diyos at sumandig sa Kanya para matutunan ang pagpipigil sa sarili, at humayo at magsagawa ng ilang makabuluhang gawain. Kung talagang hindi mo makontrol ang sarili mo, dapat ka munang mag-ulat sa iglesia para humingi ng solusyon, para maiwasan ang masasamang kahihinatnan, dahil ang pagpapakalat ng gayong impormasyon ay pinakaposibleng magdulot ng mga problema. Halimbawa, ang mga personal na numero ng telepono, address ng tirahan, kung ilang taon nang nananampalataya ang isang tao sa Diyos, personal na kalagayan ng pamilya at mag-asawa, at iba pa, ay mga sensitibong paksa. Walang kinalaman ang mga ito sa katotohanan o buhay pagpasok; tumutukoy ito sa personal na pribasiya. Ang mga ahente at tiktik lang ang partikular na nag-iimbestiga sa mga usaping ito. Kung nasisiyahan kang mag-aral at magpakalat ng gayong mga usapin, anong uri ng disposisyon ang ipinakikita nito? Medyo ubod ng sama ito! Ang hindi paghahangad sa katotohanan, kundi pagtuon sa tsismis, kumikilos bilang tiktik o espiya at nagseserbisyo sa malaking pulang dragon—hindi ba't ubod ng sama at kasuklam-suklam iyon? Sinumang partikular na nagtatanong, nag-iimbestiga, at walang-ingat na nagpapakalat ng mga sensitibong paksa at pribadong usapin ng iba ay nagkikimkim ng mga natatagong motibo at isang hindi mananampalataya. Dapat na maging lalong maingat ang hinirang na mga tao ng Diyos sa gayong mga indibidwal. Kung hindi magsisisi ang gayong mga tao, dapat matigil ang kanilang buhay iglesia, dahil ang pagkakanulo sa mga kapatid ay ang pinakaimoral, kasuklam-suklam, at kahiya-hiyang pagkilos. Dapat iwasan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang gayong mga indibidwal. Sa buhay iglesia, dapat pigilan ang mga tao sa pagtatanong at pagtalakay sa mga usaping ito, dahil walang kinalaman ang mga ito sa pagbabahaginan ng katotohanan, at ang pagtalakay sa mga ito ay hindi talaga nagdudulot ng anumang kapakinabangan sa iba.

Ang sambahayan ng Diyos ay may iba't ibang atas administratibo at regulasyon na dapat sundin ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang mga bagay tulad ng mga panloob na usapin sa iglesia, mga pag-aayos ng tauhan sa mga lider at manggagawa, ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia, at ang mga pagsasaayos mula sa ang Itaas, at iba pa, ay hindi dapat kaswal na ipinapakalat sa loob ng iglesia para maiwasan na ang mga ito ay maipagkanulo kay Satanas ng mga hindi mananampalataya at masasamang tao. Ito ay dahil iba ang sambahayan ng Diyos sa lipunan; hinihingi ng Diyos na hangarin ng mga tao ang katotohanan, higit pang magbasa ng mga salita ng Diyos, higit pang magnilay at makipagbahaginan. Tanging ang pagpapakalat ng mga salita ng Diyos at pagpapatotoo sa Diyos ang makabubuo ng tamang atmospera; tanging ang pagbabahagi ng mas maraming patotoong batay sa karanasan ang makabubuo sa gayong atmospera. Bukod pa rito, maraming bagong mananampalataya sa sambahayan ng Diyos na saglit pa lang nananampalataya sa Diyos. Hindi maiiwasan na may ilang hindi mananampalataya na hindi pa nabubunyag. Sa partikular, ang unang lima o sampung taon ng pananampalataya ay ang panahon para sa pagbubunyag ng tunay na sarili ng mga tao; sa panahong ito, hindi pa tiyak kung sino ang makapaninindigan at kung sino ang hindi, o kung ilang masamang tao na may kakayahang guluhin ang iglesia ang umiiral pa rin. Ang palaging

walang ingat na pagpapakalat ng personal na impormasyon at gayong mga panlabas na usapin, pati na rin ang mga usaping hindi nauugnay sa pagbabahaginan ng katotohanan, ay maaaring magdulot ng maraming masamang kahihinatnan. Halimbawa, maaaring magtanong ang isang tao, “Saan galing ang isang partikular na lider? Saan siya nakatira?” Ang sensitibong impormasyong ito ay hindi ang kailangang malaman ng hinirang na mga tao ng Diyos. May iba pang maaaring magtanong, “Magkano ang nagagastos ng sambahayan ng Diyos sa pagpapalimbag ng isang aklat ng mga salita ng Diyos?” Kapaki-pakinabang ba na malaman ito? (Hindi.) May kinalaman ba sa iyo ang gastos sa paglilimbag? Siningil ka ba para dito? Tila wala naman itong kinalaman sa iyo, tama? Maaaring itanong ng ilan, “Sino ang mga nakatataas na lider sa sambahayan ng Diyos ngayon?” Kung hindi ka naman nila direktang pinamumunuan, nakakaapekto ba sa iyo kung hindi mo ito alam? (Hindi.) Sa mainland China, maaaring maging problema ang pagkaalam sa mga bagay na ito. Kung mahuli ka ng malaking pulang dragon at isailalim sa matinding pagpapahirap, kung hindi mo alam ang mga bagay na ito, kahit gaano ka man nila bugbugin, wala kang anumang maisisiwalat, at hindi ka hahantong sa pagiging isang Hudas. Pero kung alam mo at hindi mo makakayanang tiisin ang matinding pambubugbog nila sa iyo, maaari kang mauwi sa pagsasalita, nagiging isang Hudas. Sa sandaling iyon, maaaring maisip mo, “Bakit walang-ingat kong itinanong ang mga iyon noon? Lalong mas mabuti sana kung wala akong alam. Kahit bugbugin pa hanggang mamatay, magiging ignorante pa rin ako sa mga bagay na iyon; kahit ginusto ko pang mag-imbento ng mga sagot, hindi ako makabubuo ng anuman. Sa ganoong kaso, hindi ako magiging isang Hudas. Natutunan ko na ang aking leksiyon ngayon; pinakamabuti na ang walang masyadong alam tungkol sa mga usaping walang kinalaman sa katotohanan. Ang pagtatanong tungkol sa gayong mga bagay ay walang kapakinabangan; mas mabuti nang walang alam.” At may ilan ding maaaring magtanong, “Ilang pangkat ang naroroon sa sambahayan ng Diyos na gumagawa ng mga espesyalisadong gawain?” Anong pakialam mo roon? Gawin mo na lang ang anumang gawaing itinalaga sa iyo ng sarili mong pangkat. Ang hindi pag-alam dito ay hindi makakaapekto sa abilidad mong gawin nang normal ang iyong tungkulin, hangarin ang katotohanan sa iyong pananalig, o ipamuhay ang buhay iglesia; hindi ito nakaaapekto sa anuman. Ang hindi pag-alam dito ay hindi humahadlang sa iyo sa paghahangad ng katotohanan o pagkakamit ng kaligtasan bilang isang mananampalataya, kaya bakit pa magtatanong? “Karamihan ba sa mga kapatid ay mula sa mga lugar sa kalunsuran o mga lugar sa kanayunan? Edukado ba sila o hindi?” Kapaki-pakinabang ba na malaman ang mga bagay na ito? (Hindi.) Ano ngayon kung galing silang lahat sa mga lugar sa kanayunan? At ano naman kung galing lahat sila sa mga lungsod? Wala itong kinalaman sa katotohanan. Maaaring itanong ng ilan, “Paano lumalaganap ngayon ang gawain ng ebanghelyo?” Ayos lang ang magtanong nang kaunti tungkol dito, pero may ilang tao, dala ng pagkamausisa, ang nagtatanong nang detalyado tungkol sa kung ilan eksakto ang mga bansa na naabot ng gawain ng ebanghelyo, na hindi naman kinakailangan.

Kahit na alam nila ito, ano ang magiging epekto nito sa kanila? Ano ang magiging pakinabang ng pag-alam sa gayong mga detalye? Kung wala kang katotohanang realidad, patuloy kang hindi magkakaroon nito kahit na malaman mo; hindi talaga makatutulong ang kaalamang ito sa iyo para magawa ang iyong mga tungkulin nang maayos o makapagbibigay ng tulong sa iyong buhay pagpasok. Ayos lang na hindi magtanong tungkol sa mga pangkalahatang usapin; sa katunayan, mas mabuti pang hindi malaman ang mga ito. Isang pasanin ang masyadong maraming nalalaman. Kapag nakalabas ang gayong impormasyon, nagiging isang problema at pagsalangsang ito. Hindi mabuti ang pag-alam sa mga bagay na ito: Kapag mas marami kang nalalaman, mas maraming problema ang maidudulot nito. Alam ng mga nakauunawa sa katotohanan kung ano ang dapat at hindi dapat sabihin. Ang mga tao na magulo ang isip, na walang espirituwal na pang-unawa, ay bigong makita ang kaibahan sa pagitan ng mga tagaloob at tagalabas kapag nagsasalita sila, nagsasalita lang ng kalokohan. Samakatwid, ang mga usaping ito ay hindi dapat iulat sa mga tao sa iglesia na hindi nakauunawa sa katotohanan. Ang pag-alam sa mga bagay na ito ay hindi naghahatid ng anumang mga kapakinabangan sa anumang paraan. Una, hindi makatutulong ang mga taong ito sa paglutas ng mga problema. Pangalawa, hindi nila kayang protektahan ang gawain ng iglesia. At pangatlo, hindi nila kailangang magsalita nang mabuti tungkol sa sambahayan ng Diyos. Ang lahat ng salita ng Diyos ay ang katotohanan, at ang lahat ng pagkilos ng Diyos ay matuwid—may anuman bang pangangailangan para sa paninipsip at pambobola mula sa mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya na walang espirituwal na pang-unawa? Wala. Kahit na walang ni isang nilalang sa buong mundo ang sumusunod sa Diyos o sumasamba sa Kanya, mananatiling hindi nagbabago ang katayuan at diwa ng Diyos. Ang Diyos ay Diyos, hindi magbabago magpakailanman, hindi mababago ng anumang alterasyon sa mga sitwasyon. Ang pagkakakilanlan at katayuan ng Diyos ay hindi magbabago magpakailanman. Ang mga ito ay ang mga katotohanan na dapat maunawaan ng mga nananampalataya sa Diyos. Iyong mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya ay nagsasalita at kumikilos nang hindi pinag-iiba ang mga tagaloob at mga tagalabas—kapaki-pakinabang ba sa gawain ng sambahayan ng Diyos kung masyado silang maraming nalalaman? Kinakailangan ba nilang malaman ang tungkol sa gawain ng sambahayan ng Diyos? Hindi sila karapat-dapat sa kaalamang ito! Maaaring itanong ng ilan, “Lihim ba ang lahat ng usaping ito, at kaya hindi ito maaaring malaman?” Matapos manampalataya sa Diyos hanggang sa puntong ito, iniisip ba ninyo na naglalaman ng mga lihim ang mga usaping ito? (Hindi.) Pero nagtataglay ng integridad at dignidad ang hinirang na mga tao ng Diyos; hindi sila dapat gawing paksa ng talakayan o pangungutya ng mga walang pananampalataya. Ang sambahayan ng Diyos, ang iglesia, at ang mga kapatid, bilang isang grupo man o mga indibidwal, ay pawang may dignidad; lahat sila ay positibo, at walang sinuman ang dapat magtangkang dungisan sila. Ang sinumang kumikilos sa paraang nagpapahintulot sa mga Satanas at diyablo na walang pakundangang dungisan at kaswal na siraan o pinsalain ang

reputasyon ng sambahayan ng Diyos, o pinsalain ang reputasyon ng mga kapatid, ay isinumpa! Samakatwid, ganap na hindi pinahihintulutan ng iglesia ang pag-iral niyong mga hindi kayang kontrolin ang dila nila. Kapag natukoy, dapat silang paalisin! Ang pamamaraang ito ba ay naaayon sa mga prinsipyo? (Oo.)

May ilang tao na lalong maingat at hindi padalos-dalos kapag sila ay nagsasalita, nakikipag-usap, nakikipag-ugnayan, o nakikisalamuha sa mga kapatid, pero pagkauwi nila, nagiging madaldal sila, isinisiwalat ang lahat, maging ang mga personal na impormasyon ng mga kapatid, sa gayon ay nalalaman ng mga miyembro ng pamilya nila, mga walang pananampalataya na walang pananalig, at iyong mga nananampalataya lang sa pangalan ang maraming bagay tungkol sa mga usapin ng iglesia. Ang gayong uri ng tao ay isang tiktik, isang taksil—isang Hudas—at mismong ang uri ng indibidwal na dapat paalisin ng iglesia. Habang mas nagtatagal sila sa iglesia, mas maraming impormasyon ang malalaman nila tungkol sa mga kapatid, mas makikilahok sila sa pagkakanulo, at magkakaroon ng mas maraming usapin na susunggaban ng mga walang pananampalataya para magamit bilang kalamangan at para sa paninirang-puri. Kung hindi ka natatakot na ipagkakanulo nila ang impormasyong ito sa mga walang pananampalataya, panatilihin mo sila; kung ayaw mong kumalat ang iyong personal na impormasyon at mga panloob na usapin ng iglesia mula sa bibig nila, dapat mong paalisin ang mga tiktik na ito sa lalong madaling panahon. Angkop ba ito? (Oo.) Walang dapat ipakitang kaluwagan sa gayong mga indibidwal; wala silang kinikimkim na mababuting intensiyon at hindi sila mabuti. Paano maikukumpara ang gayong mga tao sa dalawang uring iyon ng mga tao na naunang nabanggit, iyong mga mahilig sa paghihiganti at iyong mga bulagsak at walang pagpipigil? Mas mabuti ba sila o mas masama? (Mas masama.) Maaaring gawin din ng mga indibidwal na ito ang mga tungkulin nila, magsumikap nang kaunti, at magtiis nang kaunting paghihirap; maaaring gawin ang anumang ipag-uutos ng sambahayan ng Diyos sa kanila at hindi sila tatanggi, pero may isang problema: Isinisiwalat nila ang lahat ng tungkol sa sambahayan ng Diyos sa mga walang pananampalataya. Ginagampanan nila ang papel ng isang taksil, isang tiktik, araw-araw. Dahil lang dito, hindi sila maaaring hayaan ng iglesia at dapat silang paalisin. Nauunawaan mo ba? (Oo.) Masaya man sila o hindi sa iglesia, sinuman ang gumagalit sa kanila, sinuman ang nakakasundo nila, inihalal man sila bilang mga lider ng iglesia o tinanggal—anuman ang mangyari, palagi nilang dapat ibahagi ang bawat detalye sa mga di-nananampalatayang kapamilya nila. Tinitiyak nila na naipaaalam ito kaagad sa mga di-nananampalatayang kapamilya nila at sa mga walang pananampalataya at na kaagad na naaarok ng mga ito ang panloob na sitwasyon ng iglesia. Para sa gayong mga indibidwal, hinding-hindi ka dapat magpakita sa kanila ng anumang kaluwagan o anumang awa; kapag natuklasan ang isa, paalisin siya. Kumusta ang ganitong pamamaraan? (Naaangkop.) Malupit ba ang paggawa nito sa ganitong paraan? (Hindi.) Hindi ito pagiging malupit. Tinatrato mo sila bilang mga kapatid, pero hindi talaga nila pinoprotektahan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos o ang mga interes ng mga

kapatid. Sa halip, ipinagkakanulo nila ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at ng mga kapatid sa bawat pagkakataon. Itinuturing mo sila bilang pamilya, pero itinuturing ka ba nilang kapamilya? (Hindi.) Kaya huwag kang magpakita sa kanila ng kaluwagan; kung kailangan silang paalisin, paalisin sila. Hanggang sa puntong ito, may nakatagpo na ba kayong gayong mga indibidwal? (Oo. Ibinahagi nila ang lahat ng tungkol sa mga kapatid sa kanilang mga kapamilya, at minsan ay ipinapaalam din nila sa mga kapamilya nila ang tungkol sa mga partikular na usapin at mga partikular na pagsasaayos sa loob ng iglesia sa unang pagkakataon. Pagkatapos ay nag-iipon ng bala ang mga kapamilya nila para pagtsismisan ang iglesia sa likod nito.) Napaalis na ba ang mga indibidwal na ito? (Oo.) Matapos silang mapaalis, nagreklamo ba sila? Maaaring maramdaman nilang hindi ito patas, iniisip na, “Wala akong ginawang anuman; hindi ito maituturing na paglabag sa mga atas administratibo, ni hindi ako nagdulot ng mga panggugulo o paggambala, kaya bakit ako pinaalis?” Sa palagay ba ninyo ay mas malala ang kalikasan ng mga pagkilos nila kaysa sa pagdudulot ng mga panggugulo at paggambala? (Oo.) Matutubos ba ang gayong mga tao? Madali ba para sa kanila ang magbago? (Hindi.) Bakit mo nasabing hindi ito magiging madali? Anong aspekto ang nagpapakita na mahirap para sa kanila ang magbago? (Hindi sila bahagi ng sambahayan ng Diyos, hindi sila mga kapatid; ang diwa nila ay sa mga hindi mananampalataya at walang pananampalataya.) Ito ang diwa nila. Kaya, paano mo masasabi na sila ay mga walang pananampalataya at hindi mananampalataya? (Anumang emosyon ang mayroon sila sa iglesia, ibinubulalas nila ito sa kanilang pamilya, nagpapakita na anuman ang mangyari, hindi nila ito tinatanggap mula sa Diyos, at lalong hindi sila natututo ng anumang aral. Ang gayong mga tao ay hindi nakararanas ng gawain ng Diyos at hindi tumatanggap sa katotohanan, kaya ang diwa nila ay sa mga hindi mananampalataya.) Itong diwa nila ay ginawa nang malinaw. Ibinubulalas nila ang mga emosyon nila sa kanilang pamilya at tinatrato ang lahat ng bagay batay sa mga emosyon nila. Paano mo masasabi na hindi sila bahagi ng sambahayan ng Diyos, kundi mga walang pananampalataya na pinasok ang sambahayan ng Diyos? (Dahil kaya nilang ipagkanulo ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, kumikilos bilang mga taksil at tiktik, at dahil pundamental na hindi sila mga tao na nagpoprotekta sa gawain at sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Kaya, ang mga indibidwal na ito ay hindi kaisa sa puso ng sambahayan ng Diyos.) Hindi akma ang paliwanag na ito. Hayaan mo Akong magpaliwanag. Bagaman lumalahok ang mga indibidwal na ito sa buhay iglesia at ginagawa ang tungkulin nila, kailanman ba ay itinuring nilang pamilya ang mga kapatid? Sa simpleng salita, itinuring ba nila ang mga kapatid na ito bilang sarili nila? (Hindi.) Kung ganoon, ano ang turing nila sa mga kapatid? (Mga tagalabas.) Tama, bilang mga tagalabas, bilang mga kalaban. Kung ganoon, ano ang turing nila sa sambahayan ng Diyos at sa iglesia? Hindi ba’t lugar ng trabaho lang ito para sa kanila? (Oo.) Itinuturing nila ang sambahayan ng Diyos at ang iglesia na parang mga kompanya o organisasyon ng mundong walang pananampalataya, tinitingnan ang mga kapatid bilang mga tagalabas, bilang iyong mga taong dapat bantayan, bilang mga

kalaban. Kaya, madali para sa kanila na isiwalat ang iba't ibang uri ng impormasyon at iba't ibang aktuwal na sitwasyon ng mga kapatid sa mga taong pundamental na hindi nananampalataya sa Diyos. Alam nilang walang sasabihing mabuti ang mga di-nananampalatayang ito, at maaari pa nga nilang siraan ang mga kapatid, at siraan ang sambahayan ng Diyos—alam nila ang lahat ng ito, subalit walang-ingat pa rin nilang isinisiwalat ang mga sitwasyon ng mga kapatid at ng iglesia sa mga di-nananampalatayang ito nang walang kahit katiting na pag-aalinlangan. Malinaw na tinitingnan nila ang mga kapatid bilang mga tagalabas, bilang mga kalaban, at tuwing may lumilitaw na anumang di-kasiya-siya, agad silang nakikipagsanib-puwersa sa mga walang pananampalataya para kutyain, siraan, at kumilos laban sa mga kapatid sa likod ng mga ito, sa gayon ay natutugunan ang mga sarili nilang pagnanais. Pakiramdam nila na hindi maaaring husgahan ang sinumang kapatid sa loob ng iglesia dahil kung tatalakayin nila ang mga usapin ng iglesia o ng mga kapatid sa harap mismo ng mga ito, pakiramdam nila ay kakailanganin nilang pasanin ang mga kahihinatnan, na hindi magiging paborable para sa kanila. Pero ang pagtalakay ng mga usaping ito sa pamilya nila ay ganap na nakatutugon sa sarili nilang pagkamainitin ng ulo, mga pagnanais, at mga emosyon, nang hindi kinakailangang pasanin ang anumang kahihinatnan, dahil ang pamilya, kung tutuusin, ay pamilya, na hindi sila ipagkakanulo. Gayumpaman, hindi ito katulad sa mga kapatid, na maaaring mag-ulat sa kanila, maglantad sa kanila, at magpungos sa kanila, at maging dahilan pa nga para mawalan sila ng mga tungkulin at posisyon sa anumang oras o lugar. Kaya, hindi talaga mali na sabihing itinuturing nila ang mga kapatid bilang mga kalaban nila. Ang isang kalaban ay isang taong dapat bantayan. Kaya, hindi sila nakikipag-usap sa mga kapatid, hindi nakikipagbahaginan sa mga ito o naglalantad ng anuman sa mga ito. Sa halip, sila ay "namumuhay ng buhay iglesia" kasama ng kanilang mga di-nananampalatayang kapamilya sa bahay, kung saan ibinabahagi nila ang lahat at ibinubuhos ang nasa puso nila. Walang pasubali nilang ipinahahayag ang kanilang mga iniisip, opinyon, pagkabigo, pagkadismaya, at lahat ng baluktot nilang pananaw nang walang anumang konsiderasyong moral, at nakararamdam sila ng ginhawa at kasiyahan sa paggawa nito. Hindi sila hinahamak ng mga kapamilya nila kundi sa halip ay tinutulungan sila at nakikipagtulungan sa kanila. Kung ganito sila magsasalita sa iglesia, ganap na malalantad ang tunay nilang kalikasan bilang mga hindi mananampalataya, at kakailanganin silang paalisin ng iglesia. Kaya, hindi nila tinitingnan ang mga kapatid bilang pamilya kundi bilang mga kalaban. Ito ay isang aspekto. Ang isa pang aspekto ay na hindi nila kailanman itinuturing ang sarili nila bilang bahagi ng iglesia, kaya anumang mangyari sa iglesia, paninirang-puri at panlalapastangan man ito mula sa relihiyosong mundo, mga walang batayang tsismis at pangungutya mula sa mga walang pananampalataya, o pagdidiin at pag-uusig ng pambansang pamahalaan, personal na wala itong kinalaman at kabuluhan sa kanila. Ipagpalagay na ganito talaga ang nararamdaman nila: "Kung masira ang imahe ng iglesia, at malapastangan ang karangalan ng Diyos, ang dignidad natin bilang mga mananampalataya ay seryosong

hinahamon. Dahil dito, hinding-hindi ko tatalakayin ang mga usapin ng iglesia o ang mga usapin ng sambahayan ng Diyos sa mga walang pananampalataya, hinahayaan ang mga itong pagtsismisan at pagtawanan ang tungkol dito. Kahit para protektahan ang sarili ko, hindi ako kaswal na magsasalita ng tungkol sa mga usapin ng sambahayan ng Diyos kasama ng aking mga di-pananampalatayang kapamilya"—kung mayroon silang gayong kamalayan, hindi ba't magagawa nilang kontrolin ang dila nila? Kaya bakit hindi nila ito magawa? Malinaw na pundamental nilang hindi itinuturing ang sarili nila bilang bahagi ng sambahayan ng Diyos, ni hindi nila itinuturing ang sarili nila bilang mga mananampalataya. Sinasabi ng ilang tao, "Hindi tama ang iyong mga salita. Kung hindi nila itinuturing ang sarili nila bilang bahagi ng sambahayan ng Diyos, bakit dumadalo pa rin sila sa mga pagtitipon?" Sa mga nananampalataya sa Diyos, may lahat ng uri ng mga tao. Hindi ba't napagbahaginan na natin ito noon? Maraming tao ang nananampalataya sa Diyos nang may iba't ibang di-tamang motibo at pakay, at ito ay isa sa gayong uri. Ang pananampalataya sa Diyos para sa katuwaan, para malibang, o para makahanap ng espirituwal na panustos—hindi ba't karaniwan ang gayong mga hindi mananampalataya? Hindi ba't maraming matatagpuan na gayong mga tao? (Oo.) Hindi man lang nila kinikilala ang sarili nila bilang mga mananampalataya sa Diyos. Siyempre, wala silang pakialam sa lahat ng gawain ng iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos na gumagawa ng mga tungkulin nila, hindi nila pinapansin ang mga ito. Kaya, kaswal at magaan nilang natatalakay ang sitwasyon ng gawain ng iglesia, ang mga panloob na usapin ng iglesia, at maging ang anumang isyu na nangyayari sa mga kapatid, sa mga walang pananampalataya. Pagkatapos nilang magsalita, nagsisimulang magtsismis, manira, at mangutya ang mga walang pananampalataya, pero hindi sila nababahala rito kahit kaunti. Baka nga makisali pa sila sa mga walang pananampalataya sa pagsasalita ng masama laban sa mga kapatid, sa panghuhusga sa sambahayan ng Diyos, at sa pagkokomento sa gawain at mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Mga mananampalataya ba sila ng Diyos? (Hindi.) Hindi kailanman kikilos nang ganito ang isang tunay na mananampalataya. Kahit pa para ito sa kapakanan ng pagprotekta sa sarili niyang dignidad at mga interes, hindi niya kailanman kakagatin ang kamay na nagpapakain sa kanya at papanig sa mga nasa labas ng iglesia. Hindi ba't ganito ito? (Oo.) Samakatwid, ang gayong mga indibidwal ay masasamang tao at mga hindi mananampalataya, na dapat paalisin. Kapag mas maagang mapapaalis ang mga ito, mas mabilis na magkakaroon ng kapayapaan ang iglesia.

Pag-usapan natin ang tungkol sa inyong sarili. Halimbawa, kung hindi nananampalataya sa Diyos ang mga magulang mo, o kung hindi nananampalataya sa Diyos ang mga kapatid mo o matatalik na kaibigan, pero hindi nila sinasalungat ang pananampalataya mo at medyo sinusuportahan pa nga ito, sasabihin mo ba sa kanila ang lahat ng nangyayari sa iglesia? Ipagpalagay na nagtanong ang isa sa mga kaibigan mong babae, "May mga lalaki ba sa inyong iglesia na naghahanap ng makakapareha? Mayroon bang sinuman na partikular na taong totoo, at matangkad, mayaman, at guwapo?" May ilang disenteng tao

sa mga walang pananampalataya na gusto ring makahanap ng isang disenteng makakapareha para makasama nila sa buhay. Gusto ng kaibigan mong babae na makahanap ng isang taong nananampalataya sa Diyos, kaya handa ka bang sabihin ito sa kanya? (Hindi.) Dapat mong sabihin sa kanya, “Walang silbi ang pagkagiliw mo sa mga mananampalataya. Isa kang walang pananampalataya at pundamental na hindi kaayon ng mga mananampalataya. Wala kayong iisang lengguwahe; magkaibang landas ang tinatahak ninyo! Tingnan mo ang sarili mo, nakadamit nang napakatingkad—sinong kapatid sa aming iglesia ang magkakagusto sa iyo?” Hindi mataas ang tingin mo sa kanya, kaya makakausap mo ba siya tungkol sa mga usapin ng iglesia? (Hindi.) Ilang salita pa lang at masisira ang usapan, na may ganap na magkakaibang pananaw. Kahit pa may mabuting impresyon sa mga mananampalataya ang ilang walang pananampalataya, at kahit pa napanatili nila ang pagkakaibigan nila sa iyo matapos kang maging isang mananampalataya, magiging handa ka bang ibahagi sa kanila ang mga panloob na usapin ng iglesia o ang mga paghihirap na nararanasan mo sa paggawa ng iyong mga tungkulin? (Hindi.) Kahit sinusuportahan pa nila ang pananampalataya mo sa Diyos, ano ang silbi na talakayin sa kanila ang mga usapin ng iglesia? Halimbawa, may ilang kapatid na napagtiisan ang pagpapahirap at interogasyon ng malaking pulang dragon nang hindi nagiging mga Hudas. Isa itong patotoo na hinahangaan maging ng mga walang pananampalataya—magiging handa ka bang ibahagi ito sa kanila? (Hindi.) Bakit hindi ka magiging handang talakayin ito? (Walang kaugnayan sa kanila ang gayong mga usapin, at hindi nila maunawaan ang mga patotoong batay sa karanasan na ito.) Hindi sila makauunawa. Anong mga negatibong epekto ang maaaring idulot ng pagtalakay sa mga usaping ito? (Sa halip ay maaaring mauwi sila sa panghuhusga sa iglesia.) Manghuhusga sila: “Bakit pinahihirapan ninyo ang sarili ninyo nang ganito? Bakit sumasalungat kayo sa pambansang pamahalaan?” Tingnan mo, ang isang komento ay makapaglalantad sa kalikasan nila. Paano masasabing pagsalungat ito sa pambansang pamahalaan? Malinaw na ang mga diyablong hari na namumuno sa bansa ay labis na pumipinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos, iniiwan silang walang paraan para mabuhay. Kahit kapag nasasaksihan nila ito, nagkukunwari silang hindi nila ito alam. Malinaw na nagsasalita sila sa paraang binabaligtad ang katotohanan at binabaluktot ang mga katunayan. Ano pa ba ang maaari mong talakayin sa kanila? Hindi mo sila maaaring kausapin ng tungkol sa anumang nauugnay sa pananalig sa Diyos; hindi mo maaaring ipaalam sa kanila ang anumang tungkol dito. Kayang sabihin niyong mga hindi kayang kontrolin ang dila nila ang lahat ng bagay tungkol sa iglesia sa mga walang pananampalataya. Halatang sila ay mga hindi mananampalataya; mga diyablo sila na nagpupunta sa sambahayan ng Diyos para magpabasta-basta lang, mga hayop na nangangagat sa kamay na nagpapakain sa kanila nang walang katiting na konsensiya o katwiran. Para sa kanila, ang anumang pinsala sa mga interes o reputasyon ng sambahayan ng Diyos o ng iglesia ay hindi talaga nakaaapekto sa kanila, hindi nakaaapekto sa anumang interes nila, at wala silang nararamdamang kahit katiting na

kalungkutan; kaya, walang-ingat silang nakapagsasalita ng tungkol sa mga panloob na usapin ng iglesia sa mga walang pananampalataya at sa mga taong hindi nananampalataya sa Diyos, nang walang anumang pag-aalinlangan. Kamuhi-muhi ba ang gayong mga tao? (Oo!) Kaya ba ng isang hindi mananampalataya, na hindi itinuturing ang mga kapatid bilang pamilya pero itinuturing ang mga walang pananampalataya bilang pamilya nila, na tanggapin ang katotohanan? (Hindi.) Kaya ba nilang kilalanin na ang Diyos ang katotohanan? (Hindi.) Kaya ba ng isang tao na hindi itinuturing ang sarili niya bilang miyembro ng iglesia, kapag naririnig ang mga salita ng pagliligtas ng Diyos sa tao, na isantabi ang sarili niyang mga interes para hangarin ang katotohanan at pumasok sa katotohanang realidad? (Hindi.) Ang mga pang-araw-araw na aktibidad niya ay binubuo lang ng pagkakanulo sa mga interes ng iglesia, pagkampi sa mga tagalabas, at pagsisilbing tiktik, Hudas, at taksil, na para bang misyon niya ito. Hindi siya tumatahak sa tamang landas kundi nabubuhay para gumawa ng kasamaan; nararapat siyang mamatay at sumpain! Ang mga Hudas, taksil, at alipin ni Satanas na ito na nangangagat sa kamay na nagpapakain sa kanila ay mga negatibong kaawa-awa, nakapipinsala sila sa sangkatauhan, at kinamumuhian sila ng lahat. Kaya, hindi ba't lubos na nararapat para sa iglesia na pangasiwaan sila at paalisin sila? (Oo.) Lubos itong nararapat! Hindi ba't aayawan ninyo ang maipagkanulo? Kung ipinagkanulo ang iglesia o ang sambahayan ng Diyos, maaaring hindi masyadong makisimpatiya o mabagabag ang karamihan; magiging medyo balisa lang sila sa loob dahil, kung tutuusin, miyembro sila nito. Pero paano kung ipinagkanulo ka ng isang tao sa iglesia sa mga walang pananampalataya, at dahil sa pagkakanulo nila sa iyo, binaluktot ng mga walang pananampalataya ang mga katunayan, siniraan, kinutya, hinusgahan, at kinondena ka? Ano ang mararamdaman mo kung ganoon? Hindi ba't mararanasan mo kung ganoon ang pagkapahiya at kahihiyan na dinanas ng iglesia at ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Mula sa pananaw na ito, angkop ba na paalisin ang gayong mga indibidwal? (Oo.) Dapat silang paalisin; hindi sila kailangang pakitaan ng kaluwagan. Tungkol sa mga taong hindi kayang kontrolin ang dila nila, batay sa iba't ibang pagpapamalas kung paano sila umaasal at kung ano ang isinasabuhay nila, sila ay mga hindi mananampalataya sa loob ng iglesia, isang uri ng masamang tao na dapat paalisin. Palihim o hayagan man ang pagkilos nila, kapag natuklasan na hindi kaya ng isang tao na kontrolin ang dila niya at ang pagkataong diwa niya ay sa isang ganap na hindi mananampalataya, dapat siyang kaagad na iulat sa mga lider at manggagawa, at ipaalam sa mga kapatid. Dapat magawa ang maagap at tumpak na pagkilatis sa gayong mga indibidwal, at dapat silang paalisin mula sa iglesia sa lalong madaling panahon. Huwag silang hayaang magkaroon ng anumang pakikilahok sa iglesia, sa gawain nito, o sa mga kapatid; ang ganap na pagpapaalis sa kanila ang tamang aksiyon. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa pagpapamalas na ito ng pagkatao—ang hindi magawang makontrol ang sariling dila.

Masasabi bang mas malulubhang kaso ang tatlong uri ng tao na napagbahaginan ngayon kaysa sa dalawang uri na nauna nang napagbahaginan? (Oo.) Mas malala ang

mga kalagayan nila, mas ubod ng sama at mas kasuklam-suklam ang pagkatao nila, at mas malaki ang pinsala at epekto nila sa mga interes ng iglesia at lahat ng kapatid. Samakatwid, huwag maliitin ang tatlong uri ng taong ito; dapat silang bantayan nang mabuti at huwag bigyang-layaw. Kung matukoy ang sinuman bilang isa sa tatlong uri na ito, dapat silang ilantad at kilatisin kaagad, at pagkatapos ay tanggalin sa lalong madaling panahon. Kung gumagawa sila ng mahalagang tungkulin, maghanap kaagad ng isang taong aako sa tungkulin nila, at pagkatapos ay tanggalin sila sa tungkuling iyon at paalisin sila. Naunawaan ba? (Naunawaan.) Ang iba't ibang kalagayan ng mga kapatid sa iglesia, ang iba't iba nilang pagpapamalas sa iba't ibang panahon, ang gawain ng iglesia, at maging ang ilan sa mga panloob na usapin nito ay pinahihintulutan lang na mapag-usapan at mapagbahaginan sa mga kapatid. Ito ay para bigyang-kakayahan ang hinirang na mga tao ng Diyos na magkaroon ng mas malinaw na mga pang-unawa at kabatiran sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, sa gayon ay nakakamit nila ang abilidad na kumilos nang naaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Gayumpaman, dapat maging malinaw ang isang prinsipyo: Maging ito man ay mga katotohanan o mga prinsipyo kaugnay sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, o ito man ay ang mga regulasyon para sa mga pangkalahatang usapin, ganap na hindi ito pinahihintulutang sabihin sa mga walang pananampalataya, na magreresulta sa pagkokomento at paninisi ng mga walang pananampalataya. Ganap itong ipinagbabawal. Maaaring sabihin ng ilan, "Kung ganap itong ipinagbabawal, ibig sabihin ba niyan na ito ay isang atas administratibo?" Maaaring sabihin ito nang ganito; sinumang magsiwalat ng impormasyon ay magpapasan ng mga kaukulang kahihinatnan. Bakit kakailanganin nilang pasanin ang mga kahihinatnan? Dahil iyong mga nagsisiwalat ng mga panloob na usapin ng iglesia ay hindi nagpoprotekta sa iglesia o sa mga kapatid, at madali nilang maipagkakanulo ang iglesia at ang mga kapatid. Dahil kumikilos sila bilang mga taksil at mga Hudas, hindi na sila dapat pakitaan ng kaluwagan o ituring bilang mga kapatid o pamilya. Dapat silang tanggalin bilang mga taksil at mga Hudas at dapat direktang paalisin sa iglesia. Sinasabi ng ilang tao, "Dati ay may masama akong ugali ng pagiging madaldal, mahilig akong magsalita nang walang-ingat. Ngayon na nakita ko na ang kahihinatnan ng gayong mga pagkilos, hindi na ako nangangahas na magsalita nang walang-ingat." Mabuti. Dahil sinabi mo ito, oobserbahan ang iyong pag-uugali. Kung tunay kang nagbago at nagbalik-loob, hindi na walang-ingat na nagpapasa ng impormasyon o nagkakanulo sa mga interes ng mga kapatid, at kayang kontrolin ang dila mo, bibigyan ka ng isa pang pagkakataon ng sambahayan ng Diyos. Kung muling matutuklasan na ginawa mo ito, na ikaw ang nagkalat ng ilang impormasyon, hindi ka pakikitaan ng anumang kaluwagan—magkakaisa ang mga kapatid sa iglesia para paalisin ka. Kapag nangyari iyon, huwag kang umiyak o magreklamo na hindi ka binalaan nang maaga. Ngayong naipaliwanag na ang mga bagay-bagay nang malinaw, kung mangyari ulit ito, ang sambahayan ng Diyos ay ganap na hindi magiging maluwag. Naunawaan ba? (Naunawaan.) Kung makita ninyo ang sinuman na hindi nakaunawa, ipaliwanag ninyo ito sa kanila; bigyan sila ng mga paalala

gamit ang mga napagbahaginan natin ngayon. Kung mapansin ninyo ang sinuman na nagpapakita ng mga palatandaan ng ganitong pag-uugali o sinumang kumilos nang ganito dati, makipag-usap kayo sa kanila, bigyan sila ng babala, at ipaalam sa kanila ang kalikasan at mga kahihinatnan ng gayong mga pagkilos, pati na ang saloobin ng sambahayan ng Diyos sa mga usapin at taong ito. Pagkatapos mabigyang-linaw ang mga bagay-bagay, obserbahan sila para makita kung kaya nilang magsisi at kung ano ang gagawin nila sa hinaharap. Kung magbabago sila at hindi na muling kikilos sa gayong paraan, maaari silang tanggapin muli at tratuhin bilang mga kapatid. Pero kung mananatili silang matigas ang ulo na hindi nagsisisi at patuloy na palihim na kumikilos nang ganito, paalisin ninyo sila kapag nakakita kayo ng gayong tao. Kung makakita kayo ng dalawa, paalisin silang dalawa; kung makakita kayo ng isang grupo, paalisin ang buong grupo. Huwag kayong magpakita ng anumang kaluwagan. Tinatanong ng ilang tao, “Maaari ko bang kausapin ang mga kapamilya ko na dating nanampalataya pero napaalis kinalaunan?” Tila nahihirapan iyong mga mahilig dumaldal at magtsismis na kontrolin ang sarili nila, palaging matigas ang ulo na nagtatanong kung pinahihintulutan iyon. Ano sa palagay ninyo, pinahihintulutan ba ito? (Hindi.) Hindi pinahihintulutan na magsalita sa sinuman, dahil madali itong humantong sa mga kahihinatnan. Ang gayong mga tao ay dapat tanggalin bilang mga Hudas. Iyong mga walang pananampalataya, iyong mga pinaalis, iyong malalapit sa iyo, iyong mga mapagkakatiwalaan, iyong mga sumusuporta sa pananampalataya mo sa Diyos, iyong may mga paborableng impresyon sa pananampalataya sa Diyos, at iyong mga nananampalataya sa Diyos sa pangalan lang, na namumuhay lang ng buhay iglesia at nagbabasa ng kaunting salita ng Diyos pero hindi talaga ginagawa ang kanilang tungkulin, ay hindi dapat kausapin—kung gagawin ito ng isang tao, tatanggalin siya bilang Hudas. Naunawaan ba? (Naunawaan.) Sino pa ang kabilang sa mga hindi gumagawa ng mga tungkulin nila? Kasama ba ang mga karaniwang miyembro ng iglesia? (Oo.) Huwag kalimutan ang usaping ito; huwag maging hangal. Dapat ninyong arukin nang maayos ang mga prinsipyo. Huwag kayong magpatuloy sa pananampalataya para lang mauwi sa pagiging Hudas at pagkakanulo sa sambahayan ng Diyos, ipinagkakanulo ang mga kapatid nang hindi man lang ito namamalayan, at ipinagmamalaki pa nga ito. Ang hindi magawang makontrol ang sariling dila at ipinagkakanulo pa nga ang gawain ng iglesia at ang mga kapatid ay isang mabigat na pagsalangsang. Itinatala ng Diyos ang sinumang gumagawa ng gayong kasamaan. Ngayong malinaw na itong naipaliwanag sa iyo, at naunawaan mo na ito, kung gagawin mo ito ulit, hindi na ito simpleng pagsalangsang; isa na itong paglabag sa atas administratibo, na ginagawa kang puntirya sa pagpapaalis, at mapagkakaitan ka ng karapatan sa kaligtasan. Naunawaan mo ba? (Naunawaan.)

Disyembre 11, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (26)

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikalimang Bahagi)

Ang Saloobin na Dapat Taglayin ng mga Lider at Manggagawa sa Gawain ng Pag-aalis Mula sa Iglesia

Ngayong taon, tuloy-tuloy tayong nagbabahaginan tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at sa mga pagpapamalas ng lahat ng uri ng mga taong kasangkot. Naging lalong detalyado at partikular ang mga paksa ng pagbabahaginan, na kinasasangkutan ng iba't ibang problema ng lahat ng uri ng mga tao, at ang pagbabahaginan tungkol sa mga partikular na pagpapamalas ng mga taong ito at ang mga kategorya kung saan sila dapat hatiin ay naging napakapartikular at napakalinaw rin. Habang mas partikular at mas malinaw na pinagbabahaginan ang mga detalyadong problemang ito, mas nagbibigay dapat ito ng positibong tulong at patnubay para sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos, at mas nagbibigay dapat ito ng patnubay at tulong para magawa at magampanan ng mga lider at manggagawa ang mga tungkulin nila. Gayumpaman, paano man isinasagawa ang pagbabahaginan, gaano man kapartikular ang pagbabahaginan, hindi pa rin malinaw sa ilang lider at manggagawa kung paano pangasiwaan at isaayos ang iba't ibang uri ng mga tao at isyu sa iglesia. Napakalinaw na pinagbabahaginan ang mga isyu ng lahat ng klase ng mga tao, pero hindi pa rin maintindihan ng ilang lider at manggagawa kung paano kilatisin at tratuhin ang iba't ibang uri ng mga tao. Hindi pa rin nila kayang kumilos ayon sa mga katotohanang prinsipyo, ni gamitin ang katotohanan para pangasiwaan ang iba't ibang uri ng mga tao at isyu sa iglesia. Ano ang dahilan nito? Walang katotohanang realidad ang gayong mga tao. Sa pamamagitan ng pagbabahaginan tungkol sa mga pagpapamalas ng lahat ng uri ng mga tao, dapat magkaroon ng pangunahing pagkilatis ang isang tao at gumawa siya ng mga makatwirang pagsasaayos para sa mga nasa iglesia na gumagampan ng mga tungkulin nila at sa mga hindi, para sa mga naghahangad sa katotohanan at sa mga hindi, para sa mga masunurin at mapagpasakop, at sa mga nagdudulot ng mga paggambala at panggugulo. Gayumpaman, kung titingnan ang sitwasyon ng lahat ng uri ng mga tao sa iglesia, ang mga malinaw na masamang tao lang ang pinaalis; maraming hindi mananampalataya ang hindi pa ganap na pinaalis. Sa gawain ng pag-aalis mula sa iglesia, dapat na makipagtulungan ang mga lider at manggagawa sa gawain ng Diyos para alisin ang masasamang tao at ang mga hindi mananampalataya sa lalong madaling panahon, sa halip na harapin ito nang pasibo, kumikilos bilang mga mapagpalugod ng mga tao, o iniisip na ang pag-aalis lang sa mga malinaw na masamang tao ay nangangahulugang nalutas at naayos na ang lahat.

Dapat na aktibong suriin ng mga lider at manggagawa ang gawain ng bawat pangkat, kumpirmahin ang mga sitwasyon ng bawat miyembro ng pangkat, kung mayroon bang sinumang mga hindi mananampalataya roon para lang dumami ang mga bilang o mga hindi mananampalataya na nagpapakalat ng pagkanegatibo at mga kuru-kuro para guluhin ang gawain ng iglesia, at sa sandaling matuklasan sila, dapat na ganap na ilantad at paalisin ang mga taong ito. Ito ang gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa; hindi sila dapat maging pasibo, hindi dapat maghintay ng mga utos at panghihimok mula sa ang Itaas para kumilos, ni gumawa lang ng kaunting bagay kapag nananawagan ang mga kapatid para dito. Sa kanilang gawain, dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang mga layunin ng Diyos at maging tapat sila sa Kanya. Ang pinakamainam na paraan ng pagkilos para sa kanila ay ang aktibong kilalanin at lutasin ang mga problema. Hindi sila dapat manatiling pasibo, lalo na't mayroon silang ganitong kasalukuyang mga salita at pagbabahaginan para maging batayan nila. Dapat silang magkusang lutasin nang lubusan ang mga aktuwal na problema at paghihirap sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan tungkol sa katotohanan, at gawin ang kanilang gawain nang mismong ayon sa nararapat. Dapat agad at aktibo nilang subaybayan ang pag-usad ng gawain; hindi sila maaaring palaging maghintay ng utos at panghihimok mula sa ang Itaas bago sila kumilos nang may pag-aatubili. Kung ang mga lider at manggagawa ay palaging negatibo at pasibo at hindi gumagawa ng totoong gawain, hindi sila karapat-dapat na maglingkod bilang mga lider at manggagawa, at dapat silang tanggalin at iayos ang tungkulin nila. Maraming lider at manggagawa ngayon na lubhang pasibo sa kanilang gawain. Gumagawa lang sila ng kaunting gawain kapag inuutusan at inuudyukan sila ng ang Itaas; kung hindi, nagpapakatamad sila at ipinagpapaliban ang mga gawain. Ang gawain sa ilang iglesia ay napakagulo, ang ilan sa mga taong gumagawa ng mga tungkulin doon ay masyadong tamad at pabasta-basta, at walang nakukuhang anumang tunay na mga resulta. Ang kalikasan ng mga problemang ito ay masyado nang matindi at katakot-takot, ngunit kumikilos pa rin ang mga lider at manggagawa ng mga iglesiang iyon na parang mga opisyal at panginoon. Bukod sa hindi sila makagawa ng anumang tunay na gawain, hindi rin nila matukoy o malutas ang mga problema. Dahil dito, napaparalisa at natitigil ang gawain ng iglesia. Saan man napakagulo at walang tanda ng kaayusan ang gawain ng iglesia, siguradong may isang huwad na lider o anticristo na may hawak ng kapangyarihan. Sa bawat iglesia na kung saan isang huwad na lider ang may hawak ng kapangyarihan, ang gawain ng iglesia ay walang kaayusan at ganap na magulo—walang duda riyan. Halimbawa, nadiskubre ng sarili Ko mismong mga tainga o mata ang maraming isyu sa mga iglesia sa Amerika. Karamihan sa mga isyung nakita Ko ay nalutas agad-agad; para sa iba pang isyu, sinabihan Ko ang mga lider ng mga iglesia sa Amerika na lutasin ang mga ito. Gayumpaman, karamihan sa gawain ng mga lider at manggagawa ay ginagawa nang napakapasibo, na may napakabagal na mga pagsubaybay at may napakababang kahusayan, karamihan sa kanilang pang-araw-araw na gampanin ay ginagawa lamang pagkatapos ng mga utos at

pang-uudyok mula sa ang Itaas. Matapos isaayos ng ang Itaas ang gawain, magiging abala sila nang sandali, ngunit pagkatapos maisagawa ang maliit na bahaging iyon ng gawain, hindi na nila alam kung ano ang susunod na gagawin dahil hindi nila nauunawaan kung ano ang mga tungkulin na dapat nilang gawin. Hindi kailanman malinaw sa kanila ang tungkol sa gawain na saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa na dapat nilang gampanan; sa kanilang paningin, walang gawain na kailangang gawin. Ano ang nangyayari kapag tingin ng mga tao na walang gawaing kailangang gawin? (Hindi sila nagbubuhat ng pasanin.) Sa tumpak na pananalita, hindi sila nagbubuhat ng pasanin; masyado rin silang tamad at nag-iimbot ng kaginhawahan, kumukuha sila ng maraming pahinga hangga't maaari sa tuwing magagawa nila, at sinisikap nilang iwasan ang anumang karagdagang gampanin. Madalas isipin ng mga tamad na taong ito, "Bakit ba ako labis na mag-aalala? Tatanda lang ako kaagad kapag masyado akong nag-aalala. Paano ako makikinabang sa paggawa niyon, at sa masyadong pagpapakaabala, at pagpapakapagod nang husto? Ano ang mangyayari kung mapagod ako nang sobra at magkasakit? Wala akong perang pampagamot. At sino ang mag-aalaga sa akin pagtanda ko?" Ganito kapasibo at kaatrasado ang mga tamad na taong ito. Wala sila ni katiting na katotohanan, at wala silang nakikita nang malinaw. Malinaw na isang pangkat sila ng mga taong naguguluhan, hindi ba? Lahat sila ay magulo ang isip; wala silang kamalayan sa katotohanan at wala silang interes dito, kaya paano sila maliligtas? Bakit laging walang disiplina at tamad ang mga tao, na para bang mga buhay na bangkay sila? Tinutukoy nito ang isyu sa kanilang kalikasan. May isang uri ng katamaran sa kalikasan ng tao. Anuman ang gampaning ginagawa ng mga tao, lagi nilang kailangan ng ibang tao para pangasiwaan at udyukan sila. Minsan, isinasaalang-alang ng mga tao ang laman, nag-iimbot sila sa pisikal na kaginhawahan, at lagi silang may itinatabi para sa kanilang sarili—ang mga taong ito ay puno ng mga maladiyablong intensyon at mga tusong pakana; talagang wala silang kuwenta. Hindi nila ginagawa palagi ang pinakamakakaya nila, anumang mahalagang tungkulin ang kanilang ginagawa. Ito ay pagiging iresponsable at hindi tapat. Sinabi Ko ang mga bagay na ito ngayon upang ipaalala sa inyo na huwag maging pasibo sa inyong gawain. Dapat makasunod kayo sa anumang sinasabi Ko. Kung pupunta Ako sa iba't ibang iglesia at malalaman o makikita Kong marami kayong nagawang gawain, na gumawa kayo nang napakahusay, at na umuusad nang napakabilis ang gawain, na umabot na ito sa kasiya-siyang antas, at ginawa ng lahat ang abot ng makakaya nila, lubos Akong masisiyahan. Kung pupunta Ako sa iba't ibang iglesia at makikita Kong mabagal ang pag-usad ng gawain sa lahat ng aspekto, na nagpapatunay na hindi ninyo ginampanan nang maayos ang mga tungkulin ninyo at hindi kayo nakasabay sa normal na bilis ng pagpapalaganap ng ebanghelyo, ano sa tingin ninyo ang magiging lagay ng kalooban Ko kung magkagayon? Magiging masaya pa rin ba Ako na makita kayo? (Hindi.) Hindi Ako magiging masaya. Ipinagkatiwala sa inyo ang gawaing ito, at nasabi Ko na ang lahat ng kailangang sabihin; nasabi na rin sa inyo ang mga partikular na prinsipyo ng pagsasagawa at ang landas. Ngunit, hindi kayo

kumikilos, hindi gumagawa, naghihintay lang na personal Ko kayong pangasiwaan at himukin, na pungusan Ko kayo o utusan pa nga kayo na kumilos. Ano ang problema rito? Hindi ba't dapat itong himayin? Kapag hindi ninyo ginagawa ang gawain na malinaw naman na dapat gawin at hindi ninyo ito kayang pasanin—maaari ba Akong magkaroon ng mabuting saloobin sa inyo? (Hindi.) Bakit hindi Ako maaaring magkaroon ng mabuting saloobin sa inyo? (Masyado kaming iresponsable sa paggampan ng mga tungkulin namin.) Dahil hindi ninyo ginagampanan ang mga tungkulin ninyo nang buong puso at lakas, kundi sa halip ay pabasta-basta lang ninyong ginagampanan ang mga ito. Ang isang taong tapat sa mga tungkulin niya ay dapat na ibigay man lang ang buo niyang lakas, pero hindi man lang ninyo ito kayang makamit; masyado kayong nagkukulang! Hindi ito dahil sa hindi sapat ang kakayahan ninyo; ito ay dahil mali ang mentalidad ninyo at iresponsable kayo. May ilang kakatwang bagay sa puso ninyo na pumipigil sa inyo sa paggampan ng mga tungkulin ninyo. Dagdag pa rito, ang pag-iisip na maging mga mapagpalugod ng mga tao ay humahadlang sa pagsasagawa ninyo ng gawain ng pag-aalis mula sa iglesia. Alam ba ninyo kung ano ang kabuluhan ng gawain ng pag-aalis mula sa iglesia? Bakit gusto ng Diyos na linisin ang iglesia? Ano ang mga kahihinatnan ng hindi pag-aalis mula sa iglesia? Hindi malinaw sa inyong lahat ang mga usaping ito at hindi ninyo hinahanap ang katotohanan, na nagpapatunay na hindi ninyo isinasaalang-alang ang mga layunin ng Diyos. Handa lang kayong gumawa ng kaunting ordinaryo at regular na gawain sa posisyon ninyo at umiiwas kayo sa mga espesyal na gampanin, lalo na iyong mga maaaring makapagpasama sa loob ng iba. Mas gusto ninyong lahat na ipasa ang mga gampaning ito sa ibang tao. Hindi ba't ganito kayo mag-isip? Hindi ba't isa itong isyu na dapat matugunan? Palagi ninyong sinasabi, "Mahina ang kakayahan ko, limitado ang pagkaunawa ko sa katotohanan, at wala akong sapat na karanasan sa gawain. Hindi pa ako kailanman naging isang lider ng iglesia, ni nagsagawa ng gawain ng pag-aalis mula sa iglesia." Hindi ba't pagdadahilan ito? Napakalinaw nang napagbahaginan ang gawain ng pag-aalis mula sa iglesia. Ang pag-aalis sa mga anticristo, masasamang tao, at mga hindi mananampalataya ay isang napakasimpleng usapin. Ganoon ba talaga kahirap unawain ang iilang prinsipyong iyon? Kung ipinapaliwanag nang napakalinaw ang gayon kasisimpleng isyu pero hindi pa rin nauunawaan ng mga tao, ano ang ipinapahiwatig nito? Ipinapahiwatig nito na masyadong mahina ang kakayahan nila para maunawaan ang wika ng tao, o kaya naman ay sadyang mga tampalasan sila na hindi tumutuon sa mga gampaning marapat nilang gawin. Sa mga lider at manggagawa, tiyak na may ilang may mahinang kakayahan, at tiyak na may ilang mapagpalugod ng mga tao na hindi nakikibahagi sa tunay na gawain; tiyak din na may ilang tampalasan na nagpapabaya sa mga gampaning marapat nilang gawin at walang pakundangang gumagawa ng mga maling gawa—umiiral ang lahat ng sitwasyong ito. Una, kailangang alisin ang mga tampalasang ito na nagpapabaya sa gampaning marapat nilang gawin. Dapat na gamitin ang sinumang kayang gumawa ng tunay na gawain, talagang dapat na tanggalin ang mga mapagpalugod ng mga tao na kumikilos bilang mga lider, at dapat

na panatilihin ang mga taong may mahinang kakayahan na kayang umunawa ng wika ng tao at kayang gumawa ng ilang tunay na gawain. Dapat lutasin ang mga isyung ito sa ganitong paraan. Pagkatapos makipagbahaginan ng Diyos, kung malinaw mong makikita ang mga problema sa gawain ng iglesia na dapat lutasin ng mga lider at manggagawa, dapat na maagap mong tugunan ang mga ito nang walang karagdagang pagkaantala. Dapat kaya mong magkusang kumilos nang hindi kinakailangang maghintay na personal na magtalaga ng mga gampanin o magbigay ng mga utos ang ang Itaas. Anumang mga problema ang lumitaw, dapat malutas ang mga ito bago makaapekto ang mga ito sa gawain. Bago pa man magsimula ang ang Itaas na siyasatin ang mga isyu, dapat iniulat mo na ang pagkaunawa at mga solusyon mo sa mga isyu, ang mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa mga ito, at ang mga resulta ng pangangasiwa sa mga ito. Magiging napakahusay niyon! Maaari pa rin bang madismaya ang ang Itaas sa iyo kung gayon? Bilang isang lider o manggagawa, kung palagi kang nabibigong makita ang gawaing nasasaklaw sa sarili mong mga responsabilidad, o kahit pa may kaunting kabatiran o ideya ka ay patuloy ka namang nagpapaliban at hindi kumikilos, palaging naghihintay na magsaayos ang ang Itaas ng mga gampanin para sa iyo, hindi ba't isa itong pagpapabaya sa responsabilidad? (Oo.) Isa itong malubhang pagpapabaya sa responsabilidad! Nawala sa iyo ang saloobin at responsabilidad na kaakibat ng papel ng isang lider o manggagawa sa kung paano dapat tratuhin ang tungkulin. Sa gawain nila, dapat na mahigpit na sundin ng mga lider at manggagawa ang mga hinihingi ng ang Itaas; anuman ang ibinahagi ng ang Itaas, iyon ang dapat mong ipatupad, na mabilis na kumikilos at nagpapatupad sa sandaling maunawaan mo ito. Ang paglutas ng mga problema gamit ang katotohanan ang pinakamahalagang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi ka dapat pasibong maghintay na magsaayos ng gawain ang ang Itaas bago ka gumawa ng anumang bagay. Kung palagi kang pasibong naghihintay, hindi ka angkop na maging isang lider o manggagawa, hindi mo kayang balikatin ang gawaing ito, at ang pag-ako ng responsabilidad at pagbibitiw sa tungkulin ang tanging makatwirang bagay na dapat gawin.

Ang mga Pagpapamalas at Kalalabasan ng Tatlong Uri ng mga Taong Nananampalataya sa Diyos

I. Mga Trabahador

Mayroong labinlimang responsabilidad sa kabuuan ang mga lider at manggagawa, at napagbahaginan na natin ang hanggang sa ikalabing-apat. Ang mga problema sa iglesia na kailangang lutasin ng mga lider at manggagawa, pati na rin ang mga isyu ng lahat ng uri ng mga tao na kasangkot sa mga problemang ito, ay napagbahaginan na hanggang sa humigit-kumulang walumpu hanggang siyamnapung porsiyento. Ang lahat ng ito ay mga gampaning kailangang gawin ng mga lider at manggagawa at mga problemang kailangan nilang lutasin. Sangkot dito ang maraming isyu. Sa isang banda,

nauugnay ito sa mga responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa; sa isa pang banda, sangkot din dito ang iba't ibang isyu ng lahat ng uri ng mga tao sa iglesia. Bagama't ang tema ng pagbabahaginan natin sa panahong ito ay ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa at ang paglalantad sa mga huwad na lider, marami rin tayong napagbahaginan tungkol sa mga isyu ng iba't ibang uri ng mga tao—at ang mga kalagayan at diwa ng iba't ibang uri ng mga tao—na kaugnay sa temang ito. Siyempre, may iba't ibang epekto ang partikular na nilalamang ito sa lahat ng uri ng mga taong sumusunod sa Diyos sa iglesia. Kasama sa mga ito, may isang uri ng tao na, pagkatapos man marinig ang lahat ng pagbabahaginang ito, ay pinanghahawakan pa rin ang saloobin na "Mayroon akong mabuting pagkatao, tunay akong nananampalataya sa Diyos, handa akong talikuran ang mga bagay-bagay sa pananalig ko sa Diyos, at handa akong magbayad ng halaga at magtiis ng paghihirap para magampanan ang tungkulin ko." Wala silang pakialam sa iba't ibang kalagayan ng lahat ng uri ng mga tao, sa katotohanang kasangkot sa iba't ibang kalagayan, o sa mga katotohanang prinsipyong dapat maunawaan ng mga tao, na pinagbahaginan sa panahong ito. Hindi ba't isang uri ito ng tao? Hindi ba't labis na kumakatawan ang ganitong uri ng tao? (Oo.) Palaging may pinanghahawakang isang partikular na pananaw ang ganitong uri ng tao. Ano ang pangunahing bumubuo sa pananaw na ito? Ang tatlong puntong kakabanggit Ko lang: Una, naniniwala silang hindi masama ang pagkatao nila, at na mabuti pa nga ito. Pangalawa, iniisip nilang tunay silang nananampalataya sa Diyos, na nangangahulugang tunay silang naniniwala sa pag-iral ng Diyos at sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay, naniniwalang kinokontrol ng Diyos ang tadhana ng tao, na sumasailalim ito sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, na isang malawak na interpretasyon ng "tunay na nananampalataya sa Diyos." Pangatlo, naniniwala silang kaya nilang talikuran ang mga bagay-bagay sa pananalig nila sa Diyos at magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga para magampanan ang mga tungkulin nila. Masasabing ang tatlong puntong ito ang mga pinakasimple, pangunahin, at buod na elementong pinanghahawakan ng mga taong ito sa pananalig nila sa Diyos. Siyempre, maituturing din ang mga bagay na ito bilang kapital nila sa pananampalataya sa Diyos, pati na rin ang mga layong hinahangad nila, at ang motibasyon at direksyon nila sa pagkilos. Naniniwala silang dahil sa pagtataglay ng tatlong puntong ito ay nagiging kalipikado sila para sa tatlong pangunahing kondisyon ng pagliligtas, na ginagawa silang mga taong minamahal at tinatanggap ng Diyos. Isa itong seryosong pagkakamali; nagpapahiwatig lang ng kaunting pagkatao ang pagkakaroon ng tatlong puntong ito. Makakamit ba ng pagkakaroon lang ng kaunting pagkatao ang pagsang-ayon ng Diyos? Hinding-hindi; sinasang-ayunan ng Diyos iyong mga may takot sa Kanya at umiiwas sa kasamaan. Hindi natutugunan ng tatlong puntong ito ang pamantayan ng katotohanang realidad; tatlong pamantayan lang ang mga ito para sa pagiging mga trabahador. Sunod, makikipagbahaginan Ako tungkol sa mga detalye ng tatlong puntong ito para maunawaan ninyo nang malinaw. Ang unang punto ay ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao.

Naniniwala silang ang hindi paggawa ng kasamaan, ang hindi pagdudulot ng mga paggambala at panggugulo, at hindi pagdudulot ng pinsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos ay sapat na, at na nangangahulugan itong kaya nilang tugunan ang mga layunin ng Diyos at kumilos ayon sa mga prinsipyo. Ang ikalawang punto ay ang “tunay na pananampalataya sa Diyos.” Para sa kanila, ang ibig sabihin ng tinatawag nilang “tunay na pananampalataya sa Diyos” ay ang hindi kailanman pagdudahan ang pag-iral ng Diyos o ang katunayan ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at ang paniniwalang ang tadhana ng tao ay nasa mga kamay ng Diyos, na sa tingin nila ay magbibigay-kakayahan sa kanila na sundin ang Diyos hanggang sa wakas. Naniniwala silang hangga’t tunay silang nananampalataya sa Diyos, makakamit nila ang Kanyang pagsang-ayon. Samakatwid, paano man mamuno o kumilos ang Diyos, o anumang mga problema ang kinakaharap nila, sinasabi nila, “Mahalin lang ang Diyos, sundin ang Diyos, magpasakop sa Diyos.” Masyadong simple ang pamamaraan nila ng paglutas sa mga problema; malulutas ba ng gayong mga pangkalahatang salita ang anumang mga problema? Ang ikatlong punto ay ang pagkakaroon ng kakayahang talikuran ang mga bagay-bagay sa pananalig nila sa Diyos, at ang pagkakaroon ng kakayahang magtiis ng mga paghihirap at magbayad ng halaga para magampanan ang mga tungkulin nila. Paano nila ito isinasagawa? Dahil tunay silang nananampalataya sa Diyos, kapag may pangangailangan sa gawain ng iglesia o kapag nararamdaman nila ang mga apurahang layunin ng Diyos, kaya nilang maagap na talikuran ang mga pamilya, pag-aasawa, at karera nila, isantabi ang mga makamundo nilang kinabukasan, at sundin ang Diyos at gampanan ang mga tungkulin nila nang may di-natitinag na determinasyon, nang walang anumang mga pagsisisi kailanman. May kakayahan silang magtiis ng mga paghihirap at magbayad ng halaga para sa anumang tungkuling isasaayos ng sambahayan ng Diyos para sa kanila, kahit na nangangahulugan ito ng pagbabawas ng pagkain at pagbabawas ng pagtulog. Gaano man kahirap ang mga kondisyon sa pamumuhay, o maging sa ilang hindi kanais-nais na kapaligiran, kaya pa rin nilang magpursigi sa paggampan ng mga tungkulin nila. Bukod sa tatlong puntong ito, ang pagsasagawa ng lahat ng iba pang aspektong nauugnay sa katotohanan ay tila walang kaugnayan sa kanila. Ginagawa nila kung ano ang tila mabuti o tama para sa kanila. Pagdating naman sa iba’t ibang prinsipyo ng pagsasagawang sinabi ng Diyos sa tao, pati na rin sa mga kalagayan, pagpapamalas, at diwa ng iba’t ibang tiwaling disposisyon ng mga tao na inilantad ng Diyos, sa tingin nila ay ayos lang na kaunti lang ang alam nila o wala talaga silang alam; wala silang nararamdamang pangangailangan para partikular at metikulosong maghanap ng iba’t ibang prinsipyo upang suriin ang sarili nilang katiwalian at makabawi para sa mga pagkukulang nila, o anumang pangangailangan para madalas na dumalo sa mga pagtitipon upang marinig ang iba na magbahagi ng iba’t iba nilang patotoong batay sa karanasan, at pagkatapos ay magkamit ng pagbabago sa sarili, at iba pa. Sa palagay nila, ang pananampalataya sa Diyos sa ganitong paraan ay masyadong nakakaabala, hindi ito kinakailangan. Sinusunod nila ang Diyos

at ginagampanan ang mga tungkulin nila nang may paimbabaw na pagkaunawa sa pananalig sa Diyos at pagbabago ng disposisyon, kasama ang iba't ibang kuru-kuro at imahinasyon tungkol sa gawain ng Diyos. Hindi ba't labis na kumakatawan ang ganitong uri ng tao? (Oo.) Nagtatakda sila ng pinakapayak na hinihingi sa sarili nila, at mayroon silang napakasimpleng saloobin sa pananampalataya sa Diyos. Bukod dito, pinapabayaan nila ang katotohanan, ang paghatol at paglalantad ng Diyos, ang pagpupungos, gayundin ang iba't ibang tiwaling disposisyon at iba't ibang kalagayan ng mga tao, pagpapamalas, at iba pa. Hindi nila kailanman pinag-iisipan o pinagbubulayan ang mga isyung ito. Ibig sabihin, itinuturing ng mga taong ito ang sarili nila bilang may mabuting pagkatao, bilang mababuting tao, at bilang tunay na nananampalataya sa Diyos; at bagama't kinikilala nila na may mga tiwaling disposisyon ang mga tao, binabalewala nila ang mga partikular na kalagayan at pagpapamalas ng iba't ibang tiwaling disposisyon ng mga tao na inilantad ng Diyos, hindi naglalaan ng anumang pagsisikap para siyasatin ang mga bagay na ito. Hindi ba't isa itong uri ng tao? Hindi ba't labis na kumakatawan ang mga pananaw at partikular na pagpapamalas ng ganitong uri ng tao sa pananalig niya sa Diyos? (Oo.) Kung isasaalang-alang ang mga pananaw ng mga taong ito sa pananampalataya sa Diyos, ang pagkaunawa nila sa pagkakaligtas, at ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos na naglalantad sa iba't ibang tiwaling disposisyon ng mga tao, sa anong kategorya dapat ilagay ang mga taong ito? (Sa mga taong magulo ang pananalig, na hindi hinahangad ang katotohanan.) Panlabas na anyo lang ito; paano ba talaga dapat ikategorya ang mga taong ito? Marami bang ganoong tao sa iglesia? (Oo.) Sa tuwing tinatalakay ang mga partikular na isyu at pinagbabahaginan ang mga nauukol na katotohanan, nagsisimula silang antukin, makatulog, o malito, hindi nagpapakita ng interes. Kapag itinalaga sila sa anumang gawain o mga gampanin, naghahanda sila at ginagawa ito, hindi umiiwas sa paghihirap o pagkapagod. Iniisip nilang maganda sana kung ang pananampalataya sa Diyos ay tulad ng paggawa ng ganitong uri ng gawain—magkakaroon sila ng motibasyon kung gayon. Pagdating ng panahon para magtiis ng paghihirap, magbayad ng halaga, at magsikap sa gawain, nagpapakita sila ng tunay na sigasig. Pero ang tunay na sigasig at siglang ito ba ay kapareho ng pagiging tapat? Ito ba ang pagpapamalas na dapat taglayin ng isang tao pagkatapos maunawaan ang mga katotohanang prinsipyo? (Hindi.) Sa pamamagitan ng pakikipagbahaginan Ko, nakikita ba ninyo kung sa aling kategorya dapat maklasipika ang mga taong ito? (Mga trabahador.) Tama iyan. Mga trabahador ang mga taong ito, at ganito manampalataya sa Diyos ang mga trabahador.

Nagsimula tayo sa pagbabahaginan tungkol sa kalikasang diwa at iba't ibang pagpapamalas ng mga anticristo, gayundin sa iba't ibang pagpapamalas ng mga taong may disposisyon ng mga anticristo pero hindi aktuwal na mga anticristo. Ngayon, pinagbabahaginan natin ang mga pagpapamalas ng iba't ibang uri ng mga tao na saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Bagama't ang mga paksang pinagbahaginan ay tungkol sa mga anticristo at huwad na lider, ang mga partikular na isyu at pagpapamalas na saklaw ng bawat aytem ay may kaugnayan sa mga tiwaling

disposisyon ng tiwaling sangkatauhan, gayundin sa iba't ibang kalagayan at pagpapamalas na nabubuo sa ilalim ng kapamahalaan ng mga tiwaling disposisyon. Bagama't kakaunti lang ang mga huwad na lider at mga anticristo, ang mga disposisyon ng mga huwad na lider at mga anticristo, gayundin ang iba't iba nilang kalagayan at pagpapamalas, ay umiiral sa bawat tao sa iba't ibang antas. Ngayong napakadetalyado nang napagbahaginan ang mga isyung ito, ang mga naghahangad sa katotohanan ay mas magkakaroon na ng landas at direksyon, at mas malilinaw na layon, sa paghahangad sa katotohanan, pagsasagawa sa katotohanan, pag-unawa sa mga katotohanang prinsipyo, at pagpasok sa katotohanang realidad. Isa itong mabuting bagay para sa kanila at isang dahilan para magalak. Sa madaling salita, tumatahak sila sa isang bagong mahalagang yugto sa pananalig nila sa Diyos. Hindi na sila namumuhay sa ilalim ng mga regulasyon, relihiyosong ritwal, o mga salita at doktrina, at islogan. Sa halip, mayroon silang mga mas kongkretong direksyon at layon sa pagsasagawa, at siyempre, mga mas partikular na prinsipyong dapat sundin. Kung paano magsasagawa kapag nasa mga partikular na sitwasyon at kung anong mga katotohanang prinsipyo ang nasasangkot, o kung anong mga kalagayan at katiwalian mayroon ang mga tao at kung paano dapat tratuhin ang mga ito, gayundin kung paano hanapin ang katotohanan para malutas ang mga ito—ang dalawang pangunahing napagbahaginang paksa ng mga anticristo at huwad na lider ay karamihang tumatalakay sa mga nilalamang ito. Para sa mga naghahangad sa katotohanan, habang mas partikular na pinagbabahaginan ang katotohanan, mas nagkakaroon sila ng landas para sa pagsasagawa. Habang mas partikular na pinagbabahaginan ang katotohanan, nagiging mas maliwanag at mas malinaw ang puso ng mga tao, mas nakikilala at nauunawaan nila ang sarili nila, at mas nababatid nila kung ano ang susunod na dapat nilang pasukin at kung anong mga problema ang susunod na kailangan nilang lutasin. Pagdating naman sa uri ng mga tao na nabanggit bilang mga trabahador ngayon lang, pagkatapos nating malawakang pagbahaginan ang iba't ibang kalagayang dulot ng mga tiwaling disposisyon ng sangkatauhan at ang iba't ibang problema ng katiwalian na kailangang lutasin, nananatili silang hindi natitinag. Ano ang ibig sabihin ng manatiling hindi natitinag? Nangangahulugan ito na hindi pa rin malinaw sa kanila ang paghahangad sa katotohanan at ang landas ng kaligtasang sinabi ng Diyos at hindi nila maarok ang mga iyon. Ang mas malala, pagkatapos pagbahaginan ang napakaraming mahalagang pagpapamalas at problema, iniisip pa rin nila, "Mayroon akong mabuting pagkatao, tunay akong nananampalataya sa Diyos, handa akong talikuran ang mga bagay-bagay sa pananalig ko sa Diyos, at handa akong magbayad ng halaga at magtiis ng paghihirap para magampanan ang tungkulin ko; sapat na ito." Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, hindi nila sinusuri ang sarili nila ni ikinukumpara ang sarili nila sa mga salita ng Diyos, kundi sa halip ay sinusubukan nilang lutasin ang mga problema batay lang sa sarili nilang kabutihang pantao o sa kaunting konsensiya at katwirang mayroon sila. Siyempre, umaasa ang ilang tao sa pagpipigil at pasensiya, paulit-ulit na nagtitiis, habang umaasa ang iba sa mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, ginagawang mistulang maliliit

ang malalaking isyu, at pagkatapos ay ginagawang mistulang hindi problema ang maliliit na isyu. Ang layong hinahangad nila ay: “Sa araw na magtatapos na ang gawain ng Diyos, kung nasa iglesia pa rin ako at ginagampanan ang tungkulin ko, hindi pa napapaalis, sapat na iyon. Kung mayroon ba akong tunay na pagkaunawa sa sarili ko, kung nalutas ba ang mga tiwali kong disposisyon, kung mayroon ba akong tunay na pagpapasakop sa Diyos, kung isa ba akong tao na may takot sa Diyos at umiiwas sa kasamaan—maliliit na isyu ang mga iyon, hindi na karapat-dapat pang banggitin. Pinalalaki Mo ang lahat ng bagay, pinagbabahaginan ang katotohanan nang napakadetalyado, walang katapusang binabanggit kahit ang pinakamaliliit na isyu para mapagbahaginan, palagi kaming pinakikilatis; sadyang hindi ako handang makinig sa mga pagbabahaginang ito tungkol sa katotohanan, wala akong anumang interes. Pagdating ng araw ng Diyos, magiging napakaganda sana kung puwede na lang tayong direktang makapasok sa kaharian!” Bagama’t tunay na may mga hangganan ang pasensiya ng lahat ng tao, walang hanggan ang pasensiya ng gayong mga tao. Bakit? Ito ay dahil naniniwala silang mayroon silang mabuting pagkatao, na tunay silang nananampalataya sa Diyos, na mayroon silang kakayahang talikuran ang mga bagay-bagay bilang mga mananampalataya sa Diyos, at ng kahandaang magbayad ng halaga at magtiis ng paghihirap para magampanan ang tungkulin nila; kapag nahaharap sa anumang bagay, may sarili silang mga solusyon, kaya pa rin nila sa huli na matatag na gampanan ang mga tungkulin nila at manindigan. Gayumpaman, paano man sila nagtitiyaga sa paggampan ng mga tungkulin nila, o sa anumang paraan man sila nagtitiis hanggang sa wakas, anuman ang motibasyon nila, isang bagay ang tiyak: Wala silang tunay na pagpapasakop sa Diyos, at hindi nila kailanman nauunawaan ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon. Sa mas tumpak na pananalita, hindi umaamin ang mga taong ito na mayroon silang katiwalian, hindi rin nila kinikilala ang iba’t ibang kalagayan at problemang umuusbong mula sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao na inilantad ng Diyos. Kahit na paminsan-minsan ay itinutugma nila ang sarili nila sa mga kalagayan at problemang ito, tinatrato nila ito nang may panlalamig, sinasabi, “Pare-pareho namang tiwali ang lahat ng tao. Ang kalikasang diwa ng lahat ay iyong sa mga diyablo at kay Satanas; tayong lahat ay mga kaaway ng Diyos. Isa itong katunayang hindi mababago ng sinuman. Pero hangga’t nagtitiyaga ang isang tao sa paggampan ng tungkulin niya, tiyak na sasang-ayunan siya ng Diyos, at iyong mga nagpupursigi hanggang sa wakas ang magiging mga mananagumpay.” Batay sa mga pananaw nila, lubos silang masigasig sa pananampalataya nila sa Diyos, pero pagdating sa pagbabahagi ng mga patotoong batay sa karanasan, natatahimik sila, hindi makabigkas ni isang salita. Kapag oras na para makipagbahaginan sa katotohanan sa mga pagtitipon, nakakaramdam sila ng antok at hindi nila ito maintindihan. Kung tatanungin mo sila, “Paano mo nararanasan ang mga salita ng Diyos sa tungkulin mo araw-araw?” sasabihin nila, “Anuman ang isinasaayos ng iglesia na gawin ko, ginagawa ko. Kailangan ba nito ang pagdanas?” Tila hindi nila nauunawaan. Kung tatanungin mo naman sila, “Mayroon ka bang anumang katiwaliang nabubunyag? Paano mo nauunawaan

ang sarili mo?” sasabihin nila, “Nagpapasakop lang ako sa Diyos at minamahal ko ang Diyos; ano namang magiging problema?” Ganoon kasimple ang pag-iisip nila. Ito ang pananaw nila: “Ganito dapat ang pananampalataya sa Diyos. Bakit kailangang mag-abala sa napakaraming di-mahalagang isyu? Masyado ninyong ginagawang komplikado ang mga bagay-bagay!” Samakatwid, ginagampanan nila ang tungkulin nila at isinasagawa ang mga gampanin nang hindi kailanman hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo, kundi sa halip ay kumikilos sila ayon sa mabubuting intensyon at kasiglahan. Sa mas tumpak na pananalita, kumikilos sila sa ilalim ng kapamahalaan ng konsensiya at katwiran, iniisip na: “Labis na akong nagdusa at nagbayad ng halaga; labis ko nang naisagawa ang katotohanan at napalugod ang Diyos; huwag ka nang humingi sa akin ng iba pa. Maayos naman ako, isa akong mabuting tao, at tunay akong nananampalataya sa Diyos.” Siyempre, may mga pagkakataong hindi maiwasan ng mga taong ito na magbulalas ng nararamdaman nila, at pagkatapos ay nalalantad ang tunay nilang kulay. Kaya nilang maglitanya ng maraming salita at doktrina pero wala silang anumang tunay na tayog; sa madaling salita, wala silang buhay. Ano ang partikular na tinutukoy ng kawalan ng buhay? (Wala silang katotohanan.) Paano nangyayari ang kawalan ng katotohanan? (Hindi nila minamahal ang katotohanan, ni hinahangad ito.) Ni hindi nga ito tungkol sa kung minamahal ba nila ang katotohanan o hindi; sa tumpak na pananalita, hindi nila tinatanggap ang katotohanan. Maaaring sabihin ng ilan, “Paano Mo nasasabing hindi nila tinatanggap ang katotohanan? Nagtitiis sila ng napakatinding paghihirap at nagbabayad ng napakalaking halaga para magampanan ang tungkulin nila, nagsusumikap araw-araw mula bukang-liwayway hanggang dapithapon; paano Mo nasasabing wala silang katotohanan?” Pang-aagrabyado ba sa kanila na sabihin ito? Pero kung titingnan mo ang mga taong ito, sa likod ng pagdurusa nila at pagbabayad nila ng halaga, ang lahat ba ng ginagawa nila ay nasa saklaw ng mga katotohanang prinsipyo? Naghahanap ba sila ng mga prinsipyo sa lahat ng ginagawa nila? Humaharap ba sila sa Diyos nang mayroong may-takot-sa-Diyos na puso, at gumagawa ng mga bagay nang ayon sa mga salita ng Diyos at sa mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos? Hindi; mga kilos ng tao ang lahat ng ito, pagpipigil ng tao. Ano ang pangunahin nilang pagpapamalas ng hindi pagtanggap sa katotohanan? Iyon ay, bago gumawa ng isang bagay, hindi nila kailanman aktibong hinahanap ang katotohanan, ni seryosong pinagbubulayan kung ano ang mga prinsipyo ng katotohanan at pagkatapos ay hindi kailanman mahigpit na nagsasagawa nang ayon sa mga salita ng Diyos. Nagkikimkim ba sila ng gayong mga kaisipan at saloobin? Ano ang saloobin nila sa iba’t ibang pagpapamalas ng tiwaling disposisyon ng sangkatauhan na inilantad ng Diyos? Tinatanggap ba nila ang mga salitang ito? Inaamin ba nilang batay sa katunayan ang mga salitang ito? Kinikilala ba nilang mga pagbubunyag ng katiwalian ang mga partikular na pagpapamalas na ito? Maaari silang tumango bilang pagsang-ayon o maaari nila itong aminin sa panlabas, pero sa puso nila, hindi nila ito tinatanggap; binabalewala nila ito. Ano ang ibig sabihin ng pagbabalewala rito? Sa partikular, ang ibig sabihin nito ay hindi pagtanggap, walang

malinaw na saloobin, at walang kapansin-pansing paglaban o pagsalungat, bagkus ay pagkakaroon ng isang saloobin ng malamig na pakikitungo sa mga salitang ito na sinabi ng Diyos. Medyo abstrakto ang pagsasabi ng “malamig na pakikitungo”; sa partikular, ito ay na iniisip nila, “Sinasabi Mong mapagmataas at mapanlinlang ang mga tao, pero sino ba ang hindi mapanlinlang? Sino ba ang wala ni kaunting katusuhan? Sino ba ang hindi nagpapakita ng kaunting pagmamataas o kahambugan? Wala lang iyan! Hangga’t kaya ng isang tao na magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga, sapat na iyon.” Hindi ba’t isa itong saloobin at isang partikular na pagpapamalas ng hindi pagtanggap? (Oo.) Hindi ito pagtanggap sa katotohanan. Ang saloobin nila sa mga salita ng paghatol at paglalantad ng Diyos ay isang saloobin ng pagbabalewala at hindi pagtanggap. Kaya, pagdating sa mga pagsusuri at paalalang ibinibigay ng mga kapatid sa kanila, at maging sa mga payo at tulong na ibinibigay ng mga kapatid para sa mga tiwali nilang disposisyon, matatanggap ba nila ang mga bagay na ito? (Hindi.) Sabihin mo sa Akin, kung gayon, ano ang mga partikular nilang pagpapamalas? Bakit hindi nila matanggap ang mga bagay na ito? Nasaan ang ebidensya mo sa pagsasabi nito? Halimbawa, kapag sinabi mo sa kanila, “Hindi mo puwedeng gampanan ang tungkulin mo sa ganyang kawalang-ingat na paraan; pabasta-basta ito,” anong mga pagpapamalas nila ang nagpapatunay na hindi nila tinatanggap ang katotohanan? (Sasabihin nila, “Isinapuso ko na ito. Nagdusa at nagbayad na ako ng halaga. Paano mo nasasabing nagiging pabasta-basta ako?”) Pagbibigay-katwiran nila ito sa sarili nila. Maghahanap ba sila minsan ng mga palusot? Aminin man nila sa puso nila, iniisip pa rin nila, “Naging pabasta-basta ako, at ano naman ngayon? Sino ba ang hindi nagkakaroon ng mga araw na wala sila sa kondisyon? Sino ba ang hindi nakakaranas ng mga normal na emosyon? Pero hindi ako puwedeng umamin sa pagiging pabasta-basta; kailangan kong humanap ng palusot para pagtakpan ito. Hindi ako puwedeng mapahiya.” Kaya, naghahanap sila ng maraming dahilan at palusot para nakalilinlang nilang ipagtanggol ang kanilang sarili, hindi inaamin ang katunayang naging pabasta-basta sila, hindi kinikilala ang sarili nilang mga isyu sa usaping ito, ni tumatanggap ng mga payo mula sa ibang mga tao. Isa itong partikular na pagpapamalas ng hindi pagtanggap sa katotohanan. Kapag hindi nahaharap sa mga aktuwal na sitwasyon, itinuturing nila ang sarili nila bilang “isang mabuting tao, na tunay na nananampalataya sa Diyos.” Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, kahit na hindi na nila ito magagamit bilang isang kalasag, nakakahanap pa rin sila ng sapat na mga dahilan para bigyang-katwiran at ipagtanggol ang sarili nila, pagtakpan ang isyu, tapusin ito, at saka patuloy na tingnan ang sarili nila bilang “isang mabuting tao, na may mabuting pagkatao, na tunay na nananampalataya sa Diyos, at may abilidad na tumalikod at magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga para magampanan ang tungkulin nila.” Sa tumpak na pananalita, ang mga pagpapamalas, ang diwa ng gayong mga tao, ay iyong sa mga trabahador. Inookupa ng grupong ito ang malaking bahagi ng iglesia. Anuman ang bahagi, sa huli, kung tunay na kaya ng mga indibidwal na ito na magdusa at magbayad ng halaga, at magtiis at magtiyaga hanggang sa wakas nang hindi gumagawa ng anumang malalaking

pagsalangsang, nang hindi nilalabag ang mga atas administratibo ng Diyos o sinasalungat ang Kanyang disposisyon, kung gayon, sila ay mga tapat na trabahador, mga trabahador na puwedeng manatili. Isa itong malaking pagpapala! Hindi nila hinahangad ang katotohanan, ni kayang sundin ang kalooban ng Diyos, patotohanan ang Diyos, o kumilos bilang saksi sa mga salita at gawain ng Diyos—ang tumanggap ng pagpapalang ito ay labis nang mabuti. Ano ang maaasahan ng isang tao na makamit nang hindi hinahangad ang katotohanan? Ang pagiging isang tapat na trabahador ay hindi na masama. Nagtatanong ang ilang tao, “Posible bang maging mga tao ng Diyos ang mga indibidwal na ito?” Posible ito. Ang tanging posibilidad ay kung ang mga indibidwal na ito, batay sa pagkakaroon ng kakayahang tumalikod at magdusa, ay kayang tanggapin ang katotohanan, kilalanin at harapin nang tama ang sarili nilang katiwalian, at pagkatapos ay hanapin ang katotohanan para malutas ito, hindi kumikilos batay sa kabutihang pantao o pagpipigil, pagtitiis, at pagtitiyaga ng tao, kundi nagsasagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyo, para sa huli, puwedeng sumailalim ang disposisyon nila sa ilang pagbabago, kung gayon ay mayroon silang kaunting pagkakataon na maging mga tao ng Diyos. Gayumpaman, kung ang mga kilos at pag-uugali nila ay walang kaugnayan sa pagbabago ng disposisyon, walang kaugnayan sa pagtanggap sa katotohanan at sa kaligtasan, wala silang pagkakataon na maging mga tao ng Diyos; isa itong katunayan. Ano ang prinsipyo para sa pagtrato sa mga tapat na trabahador? Ito ay ang gawin ang pinakamalaking pagsisikap upang matulungan ang mga taong ito na maging malinaw ang isip. Ano ang layunin ng pagpapalinaw sa kanilang isip? Para mapigilan silang mangarap nang gising. Maaaring magtanong ang ilan, “Ano ang tinutukoy ng ‘mangarap nang gising’?” Ito ay kapag itinuturing ng mga tao ang sarili nila bilang “mayroong mabuting pagkatao, tunay na nananampalataya sa Diyos, at mayroong kakayahang tumalikod at ng kahandaang magbayad ng halaga,” at pagkatapos ay inaasahan nilang ililigtas sila ng Diyos, na siyang imposible. Dapat na linawin sa kanila na ang panghawakan ang pananaw na “ang pagkakaroon ng mabuting pagkatao, ang tunay na pananampalataya sa Diyos, at ang pagkakaroon ng kakayahang tumalikod at ng kahandaang magbayad ng halaga ay puwedeng humantong sa pagtanggap sa pagliligtas ng Diyos” ay mali at hangal. Dapat na linawin sa kanila na ang pagkakaroon ng mga katangiang ito ay hindi nangangahulugang naiwaksi na ng isang tao ang tiwali niyang disposisyon, at hindi rin nangangahulugan ang kaunting mabuting pag-uugali na maililigtas ang isang tao, lalong hindi na nakamit na ng isang tao ang katotohanan, at na ang mga pananaw niya ay kakatwa, katawa-tawa, at hindi naaayon at ganap na hindi tugma sa katotohanang ipinahayag ng Diyos. Para sa mga taong ito na nagmamatigas na panghawakan ang mga relihiyosong kuru-kuro, dapat silang tulungan; basahan sila ng mga salita ng Diyos at bahaginan sila ng katotohanan. Kung hindi pa rin nila matanggap ang katotohanan, at paano mo man ibahagi ang katotohanan ay nananatili silang hindi naliliwanagan at wala silang ipinapakitang intensyon na maghanap, kung gayon ay hindi sila kailangang pilitin. Maaari lang silang magserbisyo bilang mga trabahador hanggang sa wakas.

II. Mga Tao ng Diyos

Pagkatapos pagbahaginan ang mga pagpapamalas ng mga tapat na trabahador, pag-usapan naman natin ang mga pagpapamalas ng isa pang uri ng mga tao. Matapos marinig ang iba't ibang paglalantad at paghatol ng Diyos sa mga tiwaling disposisyon ng lahat ng uri ng mga tao, ang mga indibidwal na ito, kung ihahambing, ay mas nag-iisip tungkol sa sarili nilang iba't ibang nakaraang pagpapakita ng tiwaling disposisyon at iba't ibang saloobin sa Diyos at sa katotohanan na umuusbong sa ilalim ng kapamahalaan ng tiwali nilang disposisyon—sinisimulan nilang pagnilayan at alamin ang iba't iba nilang pagpapamalas, ikumpara ang sarili nila sa mga salita ng Diyos, suriin ang saloobin nila sa tungkulin nila, at suriin ang iba't ibang katiwaliang ipinapakita nila habang ginagampanan nila ang kanilang tungkulin at sa gitna ng iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na inihanda ng Diyos. Sinusuri at kinikilala nila ang sarili nila mula sa bawat detalye habang sinusubukan nilang tanggapin ang paghatol, paglalantad, at pagdidisiplina ng Diyos. Sa anong mga paraan mas nakalalamang ang mga indibidwal na ito kaysa sa mga trabahador? Kaya nilang maagap at positibong tanggapin ang katotohanan, ang mga salita ng Diyos, at ang bawat tiwaling disposisyong inilantad ng Diyos. Bagama't minsan ay maaari silang maging negatibo, umiwas, o mag-isip pa ngang sumuko, anuman ang mangyari, nagtataglay pa rin sila ng motibasyon na tanggapin ang katotohanan. Ano ang motibasyong ito? Ito iyon: "Kayang baguhin ng mga salita ng Diyos ang mga tao. Hangga't tinatanggap ng isang tao ang katotohanan, malulutas ang lahat ng problema at tiwaling disposisyong ito, at sa gayon ay maililigtas ang isang tao. Kung gusto kong maligtas, dapat akong makipagtulungan sa gawain ng Diyos at dapat kong tanggapin ang katotohanan." Halimbawa, nang marinig ang katotohanan tungkol sa pagiging isang matapat na tao, nagsisimula ang ilan na pagnilayan ang sarili nila at mas malinaw na makita ang panlilinlang at panlalansi na ginagawa nila, gayundin ang mga tuso at buktot nilang aspekto. Naaalala nila ang mga dati nilang kasinungalingan at madadayang pamamaraan na nananatili sa puso o impresyon nila, na paulit-ulit na naglalaro sa isipan nila tulad ng mga eksena mula sa isang pelikula, na nagdudulot sa kanila na lalong makaramdam ng kahihiyan, pasakit, at kalumbayan. Pagkatapos ng tuloy-tuloy na pagsusuri sa sarili at pagninilay sa sarili, pakiramdam nila ay para silang mga kriminal, agad silang ganap na nanlalata at hindi nila kayang tumayo. Pakiramdam nila ay hindi sila mabubuting tao kundi masasama, at iniisip nilang mapalad sila na hindi nila direktang nilabanan ang Diyos, na talagang muntik na silang hindi makaligtas! Pagkatapos ay nagsisimula na silang magising, ayaw na mabigo nang ganito bilang isang tao, at nagpapasya silang: "Dapat akong magsimulang muli at maging isang matapat na tao, kung hindi, hindi ako maililigtas ng Diyos. Para maligtas, dapat akong maging isang matapat na tao. Hinding-hindi ako maaaring sumuko ngayon!" Kailan man tanggapin ng mga taong ito ang katotohanan, at malalim man o mababaw ang pag-arok nila sa mga salita ng Diyos, ang saloobin nila sa mga salita ng Diyos ay hindi panghahamak, lalong

hindi ito pagtutol o paglaban. Sa halip, aktibo nilang kinikilala at tinatanggap ang mga salita ng Diyos, at pagkatapos ay palagi na silang handang isagawa ang mga ito. Kapag kumikilos sila o gumaganap ng mga tungkulin nila, ginagawa nila ang lahat ng makakaya nila para hanapin ang mga prinsipyo sa mga salita ng Diyos at pagkatapos ay kumilos nang may kamalayan ayon sa mga prinsipyong ito. Kahit pa minsan ay hindi nila mahanap ang mga partikular na prinsipyo o maarok ang direksyon, ang layon nila ay ang gampanan nang maayos ang tungkulin nila, ang gampanan ito ayon sa mga layunin ng Diyos at nang umaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Ang pagkatao ng mga taong ito at ng mga trabahador ay halos pareho; walang pagkakaiba sa pagitan ng mataas at mababa, o ng marangal at hamak. Siyempre, marami sa ganitong uri ng mga tao ay nakikita ang sarili nila bilang “mayroong mabuting pagkatao, tunay na nananampalataya sa Diyos, at mayroong abilidad na talikuran ang mga bagay-bagay bilang isang mananampalataya sa Diyos, at ng kahandaang magbayad ng halaga at magtiis ng paghihirap para magampanan ang tungkulin ko.” Pero ano ang kaibahan sa pagitan ng mga taong ito at mga trabahador? Matapos nilang marinig ang mga salita ng paghatol at paglalantad ng Diyos sa mga tao, ang saloobin nila ay hindi pagbalewala, hindi pag-iwas, kundi aktibo at masigasig na pagtanggap. Kahit pa mabagabag at panghinaan sila ng loob pagkatapos nilang marinig ang mga salitang ito, at magpahayag pa nga ng galit sa sarili nilang nabunyag na katiwalian, sa huli, kaya pa rin nilang harapin nang tama ang mga ito, tanggapin nang aktibo, at maagap na isagawa at pasukin ang mga ito. Hindi ba’t isa rin itong uri ng tao? (Oo.) Hindi ba’t sa isang antas ay kumakatawan ang mga taong ito? (Oo.) Marami bang ganitong tao? (Hindi marami.) Bagama’t hindi sila marami ngayon, mayroong pag-asa na dadami ang bilang nila. Kaya, sa anong kategorya dapat mabilang ang mga taong ito? Maipapahiwatig ba ng mga partikular na pagpapamalas na ito na minamahal ng mga taong ito ang katotohanan at kaya nilang tanggapin ang katotohanan? (Oo.) Maipapahiwatig ng mga ito. Bagama’t mas mabagal na tinatanggap ng ilang taong may mahinang abilidad na makaarok ang katotohanan, sa kaibuturan ng puso nila, tinatanggap nila ang katotohanan at mayroon silang pag-iisip na aktibong pumasok dito. Sa tuwing mayroong nakikipagbahaginan tungkol sa bagong liwanag o mga landas para sa pagsasagawa na alinsunod sa mga katotohanang prinsipyo, kumikinang ang mga mata nila, naliliwanagan ang mga puso nila, at nagagalak sila, iniisip na, “Sa wakas, mayroong nakipagbahaginan tungkol sa liwanag na ito. Ito ang wala sa akin.” Palagi nilang naaarok kung ano ang wala sa kanila, para matamo ang liwanag at kaliwanagan na kailangang-kailangan nila at wala sa kanila, at para mahanap ang mga katotohanang prinsipyong kinakailangan nila mula sa tunay na pagkaunawang batay sa karanasan na ibinabahagi ng mga kapatid nila. Batay sa mga partikular na pagpapamalas na ito, hindi ba’t inaasam ng mga puso nila ang katotohanan? (Oo.) Kung sasabihin nating minamahal ng mga taong ito ang katotohanan, hindi masyadong obhetibo o tumpak ang pahayag na ito. Gayumpaman, batay sa mga partikular nilang pagpapamalas, inaasam nga ng mga taong ito ang katotohanan. Saan nanggagaling

ang pag-aasam na ito? Nanggagaling ito sa pag-asa nilang malutas ang mga tiwali nilang disposisyon, sa pag-asa nilang malutas ang iba't ibang problema at suliraning kinakaharap nila sa buhay pagpasok nila, at sa pag-asa nilang lumago sa katotohanan, na magsiyasat nang mas malalim, gayundin sa pag-asa nilang tunay na makakilos nang may mga prinsipyo, na magsagawa nang may landas, na mas tumpak na makilala mula sa mga pagbubunyag ng mga tiwali nilang disposisyon kung ano ba ang diwa ng mga tiwali nilang disposisyon, at kung paano ba lulutasin at iwawaksi ang mga ito. Kahit na madalas na namumuhay ang mga taong ito sa loob ng mga tiwaling disposisyon, tulad ng pakikipag-agawan para sa katayuan, pagmamatigas na ipilit ang sarili nilang paraan, at pagiging mapagmagaling, mapagmataas, mapanlinlang, o matigas pa nga ang kalooban, sa pamamagitan ng patuloy na pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at pagdanas ng gawain ng Diyos, unti-unting masusuri at matutukoy ang mga hayagang problemang ito. Pagkatapos, makikilala nila ang mga ito bilang mga problema, mga pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon, hindi alinsunod sa katotohanan, at kinamumuhian ng Diyos. Matapos mabatid ang mga tiwali nilang disposisyon, mas lalo silang nag-aasam na malutas at maiwaksi ang mga ito. Isa ito sa mga pinagmulan ng pag-aasam nila sa katotohanan. Sa madaling salita, mayroon silang pangangailangang lutasin ang mga tiwali nilang disposisyon, ng apurahang mentalidad na iwaksi ang mga tiwali nilang disposisyon. Kasabay nito, anumang tiwaling disposisyon ang matuklasan nilang naibunyag nila, o anumang mga problema o paghihirap ang makaharap nila, mas sabik silang maghanap ng mga tumpak na kasagutan sa mga salita ng Diyos, at maunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos sa tao, at anong mga katotohanan at salita ng Diyos ang dapat gamitin para lutasin ang mga ito. Ang mga ito ang mga partikular na pagpapamalas at pinagmulan ng pag-aasam nila sa katotohanan. Isa ba itong obhetibong pahayag? (Oo.) Hindi masasabing nagmamahal sa katotohanan ang mga taong ito. Kung mahal nila ang katotohanan, magiging lubos na maagap sila, at magiging mas positibo ang iba't iba nilang pagpapamalas. Gayumpaman, batay sa iba't ibang pagpapamalas ng mga taong ito at sa aktuwal nilang tayog, hindi pa sila umaabot sa punto ng pagmamahal sa katotohanan kundi inaasam pa lang nila ito. Labis nang obhetibo ang pahayag na ito. Kaya, kung titingnan ang iba't ibang pagpapamalas ng mga taong ito, sa aling kategorya sila dapat mabilang? Sa tumpak na pananalita, nabibilang ang mga taong ito sa kategorya ng mga tao ng Diyos. May batayan ang pahayag na ito. Anong batayan? Ang mga tiwaling disposisyon ng mga taong ito ay pareho sa mga tiwaling disposisyon ng iba. Pagdating sa pagkatao, hindi masasabing mabuti ang pagkatao nila, ni masasabing perpekto sila sa paningin ng Diyos; may taglay na karaniwang pagkatao ang karamihan sa kanila. Ano ang ibig sabihin ng "karaniwan" dito? Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng isang partikular na antas ng konsensiya at katwiran. Pero hindi ito ang pinakamahalagang aspekto. Ano ang pinakamahalaga? Ito ay na pagkatapos marinig ang mga salita ng Diyos at mga hinihingi ng Diyos, pagkatapos marinig ang tungkol sa mga tiwaling disposisyon ng lahat ng uri ng mga tao na inilantad ng

mga salita ng Diyos, hindi sila walang interes kundi naaantig at kikilos sila. Ano ang ibig sabihin ng pagkilos? Nangangahulugan ito na pagkatapos marinig ang mga salitang ito ng Diyos at ang mga katotohanang ito, ayaw na nilang mamuhay sa mga tiwaling disposisyon at ipagpatuloy ang mga nakaraan nilang paraan ng pamumuhay. Sa halip, sinisikap nilang baguhin ang iba't ibang kaisipan, pananaw, at paraan ng pag-iral at paraan ng pamumuhay na dati nilang sinandigan. Kasabay nito, aktibo nilang hinahanap ang katotohanan sa paggampan ng tungkulin nila at sa iba't ibang sitwasyong inihanda ng Diyos, gamit ang mga salita ng Diyos bilang batayan at mga prinsipyo para sa pagsasagawa, sa halip na maging walang pakundangan at matigas ang ulo. Mula sa kanilang pagkatao, kakayahan, mga saloobin at pananaw sa mga salita ng Diyos, sa gawain ng Diyos, at sa mga hinihingi ng Diyos, at iba pa, ang mga taong ito ang mismong mga nilalayong iligtas ng Diyos. Mas may pag-asa silang maiwaksi ang mga tiwali nilang disposisyon at mailigtas kaysa sa mga trabahador. Tanging ang mga tumatanggap sa katotohanan at kayang iwaksi ang mga tiwali nilang disposisyon para maligtas ang itinuturing na mga tao ng Diyos. Hindi ba't napakaangkop ng pakahulugang ito? (Oo.) Ito ang pinakaangkop. Ang kaligtasan ay hindi tungkol sa kaunting pagsisikap lang at pagbabayad ng kaunting halaga para makapanatili, at pagkatapos ay nalutas na ang lahat. Ano ang kondisyon ng mga maililigtas? Isa itong kondisyon kung saan, sa pamamagitan ng pagtanggap at pagdanas sa mga salita at gawain ng Diyos, nalulutas ang mga tiwali nilang disposisyon. Sa prosesong ito, nakikilala nila ang Diyos, nauunawaan nila ang sarili nilang mga tiwaling disposisyon, at nagkakaroon sila ng mga tunay at kongkretong karanasan sa mga salita ng Diyos, kaya nagagawa nilang magpatotoo sa Diyos—nagagawa nilang patotohanan ang Diyos. Anong mga aspekto ng Diyos ang pinatototohanan nila? Nagpapatotoo sila sa mga layunin ng Diyos, sa disposisyon ng Diyos, sa mga tinataglay ng Diyos at ang Kanyang pagiging Diyos, sa pagkakakilanlan ng Diyos, at na ang Diyos ang Lumikha. Ito ang maaaring maipamalas sa isang tao pagkatapos matamo ang kaligtasan. Bakit makakamit ng mga tao ang mga resultang ito pagkatapos na maligtas? Hindi dahil itinuturing nila ang sarili nila bilang "mayroong mabuting pagkatao, tunay na nananampalataya sa Diyos, at mayroong abilidad na talikuran ang mga bagay-bagay bilang isang mananampalataya sa Diyos, at ng kahandaang magbayad ng halaga para magampanan ang tungkulin ko" kaya nakakamit nila ito. Ang tanging dahilan—at ang pinakamahalagang punto—ay na kaya nilang tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang buhay nila, kaya nilang isagawa ang katotohanan para maiwaksi ang mga tiwali nilang disposisyon, maisantabi ang mga orihinal at dati nilang paraan ng pamumuhay at mga pananaw sa pamumuhay, at tanggapin ang mga salita ng Diyos bilang bago nilang buhay. Ginagamit nila ang mga salita ng Diyos bilang isang batayan sa pag-asal, paggawa ng mga bagay, pagsunod sa Diyos, pagpapasakop sa Diyos, at pagbibigay-kasiyahan sa Diyos. Ito ang resulta na maaaring makamit sa gayong mga tao. Ano ang pinakamahalagang aspekto para sa pagkakamit ng kaligtasan? (Ang magawang tanggapin ang katotohanan.) Tama iyan. Ang magawang tanggapin ang katotohanan ang susi.

Sinasabi ng ilang tao, “Kung gugugulin ko ang sarili ko para sa Diyos hanggang sa wakas, labis ba akong pagpapalain ng Diyos?” Kung hindi mo tatanggapin ang katotohanan, pero kaya mo pa ring magpursigi sa pagsunod sa Diyos hanggang sa wakas, nagtatrabaho hanggang sa huli, at sa panahong ito ay walang malalaking pagsalangsang at hindi mo sinasalungat ang disposisyon ng Diyos, kung gayon, sa gayong mga sitwasyon, itituring ka ng Diyos bilang isang tapat na trabahador na mananatili. Nagtatanong ang ilang tao, “Anong uri ng pagpapala ang manatili?” Hindi ito maliit na pagpapala! Kung mayroong pagkakataon at posibilidad, maaari mong makita ang tunay na persona ng Diyos, at nakasalalay ito sa kung ano ang gagawin ng Diyos sa susunod na kapanahunan. Kung mayroong oportunidad na manatili at mabuhay nang ilan pang dekada, napakamakabuluhan ng pagpapalang iyon. Paano nangyayari ang pagpapalang ito? Nakakamit ito sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang tapat habang pinanghahawakan ang pananaw na “Mayroon akong mabuting pagkatao, tunay akong nananampalataya sa Diyos, kaya kong talikuran ang mga bagay-bagay, at handa akong magbayad ng halaga at kaya kong magtiis ng paghihirap para magampanan ang tungkulin ko.” Hindi ba’t dapat marunong makontento ang mga trabahador? (Oo.) Dapat silang maging kontento na matamo ang pagpapalang ito. Ni hindi mo tinatanggap ang mga salita ng Diyos, pero dahil nakikita ng Diyos ang katapatan at abilidad mong magtrabaho hanggang sa wakas, nang hindi lumilisan sa panahong ito, nang hindi sinasalungat ang disposisyon ng Diyos o nilalabag ang Kanyang mga atas administratibo, nang hindi gumagawa ng malalaking pagsalangsang, ipinagkakaloob Niya sa iyo ang pagpapala at biyayang ito—mula noong likhain ang sangkatauhan, ito ang pinakamalaking kaloob na ibinibigay ng Diyos sa mga tiwaling tao na nagtrabaho lang nang tapat pero hindi nagtamo ng kaligtasan. Nagsikap ka lang nang kaunti, at hindi mo man lang tinatanggap ang mga salita ng Diyos—ang makatanggap ng gayon kalaking pagpapala ay napakainam na; ito ang napakalaking biyaya ng Diyos. Ang isa pang kategorya ay ang mga tao ng Diyos, na kakatalakay lang natin. Ang mga pagpapalang matatanggap ng mga tao ng Diyos ay tiyak na mas malaki kaysa sa mga matatanggap ng mga trabahador. Kung gayon, ano ang pagpapala sa mga tao ng Diyos? Siyempre, hindi ito kasingsimple ng makapanatili lang o magkaroon ng oportunidad na makita ang tunay na persona ng Diyos. Mayroong higit pang mga pagpapala, pero hindi natin tatalakayin ang mga ito rito. Hindi makatotohanan na talakayin iyon, at bukod pa roon, kahit pa sabihin Ko sa inyo, hindi naman ninyo mauunawaan o matatamo ang mga iyon sa ngayon. Ang mga tao ng Diyos ang mga nilalayong iligtas ng Diyos, at sa buong sangkatauhan, matatanggap nila ang pinakamalalaking pagpapala; hinding-hindi ito isang pagmamalabis. Bakit ganoon? Dahil, sa gawain ng Diyos, sa loob ng gawain ng anim-na-libong-taong plano ng pamamahala ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan, ay naiwaksi ng mga tao ng Diyos ang tiwaling disposisyon ni Satanas at naisabuhay nila ang mga salita ng Diyos, dahil nagagawa nilang tanggapin ang mga salita ng Diyos, ituring ang mga salita ng Diyos bilang ang katotohanan at bilang ang mga prinsipyo para sa pag-iral nila, at gawing buhay nila ang mga salita ng Diyos, at sa gayon

ay malakas at umaalingawngaw na magpatotoo sa Diyos. Nagagawa nilang gamitin ang isinasabuhay nila, ang buhay nila, para gantihan at ipahiya si Satanas, nagagawa nilang patotohanan ang Diyos sa sangkatauhan, at sa gayon ay magdala ng kaluwalhatian sa Diyos. Samakatwid, ang mga tao ng Diyos ang mga nilalayong iligtas ng Diyos, at ang mga nakatatanggap ng kaligtasan. Sinasabi ng ilang tao, “Dahil kaya ng mga indibidwal na ito na gawing buhay nila ang mga salita ng Diyos, isabuhay ang mga salita ng Diyos, at patotohanan ang Diyos, dahil ba roon ay nagiging mga minamahal na anak sila ng Diyos, iyong mga kinalulugdan ng Diyos?” Masyado kang nag-iisip; ayos nang maging isa sa mga tao ng Diyos. Kung tatawagin ka ng Diyos na Kanyang anak, Kanyang supling, o Kanyang minamahal na anak, ang Diyos ang magpapasya roon, pero kahit kailan, hindi mo kailanman dapat ipahayag mismo na ikaw ang minamahal na anak ng Diyos, ang anak ng Diyos, o ang minamahal ng Diyos. Huwag kang gumawa ng gayong mga pahayag tungkol sa sarili mo, at huwag mong ituring ang sarili mo bilang ganoon; isa kang nilikha—tama ito. Kahit pa isang araw ay tawagin ka na kasama sa mga tao ng Diyos, o tumahak ka na sa landas ng kaligtasan, isa ka pa ring nilikha lang. Kung ganito ka mag-isip, nagpapatunay ito na ang landas na tinatahak mo ay ang tamang landas. Kung palagi kang naghahangad na maging minamahal na anak ng Diyos, na mahalin ng Diyos, na kalugdan ng Diyos, ang landas na tinatahak mo ay ang maling landas; walang patutunguhan ang landas na ito, at hindi mo dapat gawin ang ganyang pangangarap nang gising. Kung nagsabi man ang Diyos ng gayong mga salita kailanman, o nagbitaw ng gayong pangako sa mga tao, hindi mo dapat ituring ang sarili mo na ganito; hindi ito ang dapat mong subukang matamo. Ayos nang maging isa sa mga tao ng Diyos; pasok na sa pamantayan bilang mga nilikha ang mga tao ng Diyos—nakakalungkot lang na hindi ka pa ganoon. Kaya, huwag mong hangarin ang mga malabo, di-totoo, at walang-kabuluhang bagay na iyon. Ang magawang hangarin na maligtas ay, sa isang antas, pagtahak na sa landas ng kaligtasan. Ang mga pangunahing katangian ng mga tao ng Diyos ay na kaya nilang tanggapin ang katotohanan at nagpapakita sila ng pagmamahal sa katotohanan. Sa proseso ng pagdanas ng gawain ng Diyos at paghahangad ng kaligtasan, maaaring malutas, maiwaksi, at mabago sa iba’t ibang antas ang kanilang mga tiwaling disposisyon, mga dating kaisipan, at iba’t ibang negatibong kalagayan at pagpapamalas na nauugnay sa kanilang mga tiwaling disposisyon. Pagkatapos, maisasabuhay na nila ang mga hinihingi ng Diyos na maging isang matapat na tao, isang taong nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo, isang taong may katapatan at pagpapasakop, at isang taong kayang matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan. Pagdating naman sa kung paano maging isa sa mga tao ng Diyos na pasok sa pamantayan at nakakatugon sa sukatan, hindi tayo magpapalawig tungkol doon; hindi iyon ang paksa ng pagbabahaginan natin ngayon.

III. Mga Upahang Manggagawa

Bukod sa mga trabahador at mga tao ng Diyos, may isa pang kategorya ng mga indibidwal, na pinakakaawa-awa sa mga hinirang ng Diyos. Pagkatapos marinig ang

iba't ibang katotohanang ipinahayag ng Diyos at ang iba't ibang salita ng Kanyang paglalantad sa sangkatauhan, ang pag-uugali nila, ang isinasabuhay nila, at mga paghahangad nila ay hindi nagpapakita ng anumang pagbabago. Paano ka man makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, nananatili silang walang interes: "Ayaw kong magbago. Mamumuhay ako kung paano ko man gustong mamuhay, at walang sinuman ang makakakontrol sa akin. Gawin ninyo kung ano ang gusto ninyo, wala akong pakialam! Hindi maganda ang timpla ko ngayon, kaya wala dapat sa inyo na mang-inis sa akin. Kung iinisin ninyo ako, hindi ako magiging magalang!" Hindi nila itinuturing ang sarili nila nang may tiyak na saloobin o pananaw na "Mayroon akong mabuting pagkatao, tunay akong nananampalataya sa Diyos, kaya kong talikuran ang mga bagay-bagay, at handa akong magtiis ng paghihirap at magbayad ng halaga," pero nagpapakita sila ng mas tiyak na saloobin kasama ang mga kapatid. Ano ang saloobing ito? Ito ay, "Kikilos ako kung paano ko man gusto, gagawin ko kung anuman ang nais ko. Walang sinuman ang dapat humimok sa akin na tanggapin ang katotohanan, walang sinuman ang dapat sumubok na baguhin ako. Ang sinumang sumubok na himukin akong tanggapin ang katotohanan ay naghahanap lang ng gulo, at kung may sinumang sumubok na pungusan ako, lalaban ako nang todo!" Wala silang kahit katiting na interes sa anumang pangungusap na binigkas ng Diyos, ni sa gawaing ginagawa ng Diyos. Siyempre, pagdating sa mga tiwaling disposisyon ng mga tao at sa mga prinsipyo ng paggawa ng mga bagay, gayundin sa saloobing dapat taglayin ng mga tao sa Diyos at mga prinsipyong dapat sundin sa mga pakikisalamuha sa iba—na binabanggit ng mga kapatid sa mga pagtitipon o habang ginagampanan ang tungkulin nila—tinatrato nila ang mga ito nang may saloobin ng panghahamak. Gumagampan ng tungkulin ang ilang indibidwal, pero ganap nilang binabalewala ang mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos, ginagawa nila ang mga bagay-bagay kung paano nila ito pinlano. Pagkatapos na pagkatapos mong makipagbahaginan sa kanila tungkol sa mga prinsipyo, sumasang-ayon sila nang harap-harapan pero pagkatapos ay tumatalikod sila at nagsisimulang kumilos nang walang pakundangan at basta-basta, na nagpapakita ng malademonyo nilang aspekto. May mga indibidwal ding mukhang mga disenteng tao sa panlabas, pero kapag nakikipag-usap o nakikipagkuwentuhan ka sa kanila, hindi tama ang mga pananaw nila, hindi tama ang tono nila, at ang mas malala pa ay hindi tama ang disposisyon nila, na ginagawang imposible na makipag-usap sa kanila. Kapag tinanong mo sila, "Umiiral ba sa mundo ang Diyos?" sasabihin nila, "Hindi ko alam." Sasabihin mo, "Dapat itong gawin sa ganitong paraan, layunin ito ng Diyos." Tutugon sila, "Sa tingin mo ba ay mahirap akong pakisamahan? Nilalayon mo bang bigyan ako ng problema? Sinusubukan mo ba akong patalsikin?" Sasabihin mo, "Ang pagkilos nang ganito ay pagkakalat ng mga kuru-kuro at pagbubulalas ng pagkanegatibo, na maaaring maging sanhi na matisod ang ilang bagong mananampalataya. Dapat tayong sumunod sa mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos, at dapat malinaw sa atin ang mga prinsipyong dapat sundin sa mga pakikisalamuha at pakikisama ng mga tao sa isa't isa. Kung hindi

makapagpapatibay o makatutulong sa iba ang sinasabi at ginagawa, kahit papaano man lang, hindi dapat ito magkaroon ng negatibong epekto sa iba. Ito ang katwiran na dapat taglayin ng isang tao na may normal na pagkatao." Sasabihin nila, "Nakikipag-usap ka sa akin tungkol sa normal na pagkatao, nangangaral sa akin tungkol sa mga panuntunan, sino ka ba sa tingin mo? Ano ba ang mali sa pagbubulalas ko ng pagkanegatibo? Para sa bawat bagong mananampalatayang natitisod, nababawasan ng isa ang mga bagong mananampalataya—makaiiwas ako na mainis na makita sila!" Walang saysay ang pakikipag-usap sa kanila tungkol sa mga panuntunan, at gayundin ang pagtatalakay tungkol sa pagkatao. Paano naman ang pagbabahagi tungkol sa katotohanan, ang pagbabahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos? Hindi rin sila nakikinig sa pagbabahaginan tungkol sa mga salita ng Diyos. Walang nangangahas na punahin sila, walang nangangahas na abalahin o inisin sila. Mayroon bang ganitong mga tao sa iglesia? (Mayroon.) Sa mga pinaalis na, mayroon ngang gayong mga indibidwal. Ang mga taong ito ba ay mga trabahador, mga tao ng Diyos, o ano? (Sila ay mga taong itiniwalag.) Bakit sila itiniwalag? (Dahil sa hindi pagtanggap sa katotohanan; dahil sa pagtutol sa katotohanan.) Ito ang diwa ng problema. Kung gayon, bakit hindi nila tinatanggap ang katotohanan? Bakit sila tumututol sa katotohanan? Ano ang ugat na sanhi? (Ang diwa ng mga taong ito ay sa mga hindi mananampalataya.) Tama, ang diwa nila ay sa mga hindi mananampalataya. Marami-raming hindi mananampalataya sa iglesia, pero ganito ba ang lahat ng hindi mananampalataya? (Hindi.) Ang mga indibidwal na ito, na wala man lang pinakapangunahing moralidad at pagpapalaki—itinitiwalag ba sila dahil lang sila ay mga hindi mananampalataya? Bakit sila itinitiwalag? Sa ugat nito, isa itong problema ng pagkatao; may masama at mapaminsalang pagkatao ang mga taong ito. Sa tumpak na pananalita, wala silang pagkatao. Dahil wala silang pagkatao, ano sila? Mga tao sila na may maladiyablong kalikasan. Paano maikukumpara ang mga taong may maladiyablong kalikasan sa mga hayop? Sa tingin Ko ay mas masahol pa nga sila kaysa sa mga hayop; kaya ng ilang hayop na maging masunurin at umiwas na gumawa ng mali. Halimbawa, kaya ng mga aso na maging napakabuti; talagang mainam na gawing mga alaga ang ilang aso, talagang nakakasundo ang mga tao! Talagang masunurin at matalino sila, nauunawaan ang lahat ng sinasabi ng mga tao, at angkop silang manatili sa loob ng bahay. Higit na mas mabuti ang gayong mga aso kaysa sa mga masuwaying tao. Maraming tao ang mas masahol pa kaysa sa mabubuting aso. Kung gayon, tao pa rin ba sila? Hindi, hindi sila tao; sila ay hindi-tao. Maraming tao ang hindi nakauunawa sa wika ng tao; imposibleng makipag-usap sa kanila. Hindi nila tinatanggap ang katotohanan paano man ito ibinabahagi, nagrereklamo sila kapag pinupungusan, at nagngangalit sila at nagmumura kapag natiwalag sila, hindi nagpapakita ng anumang pagbabago kahit ilang taon na silang nananampalataya. Puwede pa rin bang pahintulutang manatili sa sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao? (Hindi.) Hindi sila puwedeng pahintulutang manatili. Sa anong kategorya dapat ibilang ang gayong mga indibidwal? Una sa lahat, dapat bang ikategorya ang mga

indibidwal na ito bilang hinirang na mga tao ng Diyos? (Hindi.) Kung hindi sila kabilang sa mga hinirang ng Diyos, sa anong kategorya sila dapat ilagay? Ang hindi mapabilang sa mga hinirang ng Diyos—paano dapat ito bigyan ng kahulugan? Nangangahulugan ito na mula sa perspektiba ng pagkatao na ipinapakita at isinasabuhay nila, hindi lang ito isang simpleng usapin ng pagiging hindi mananampalataya; hindi sa tao ang diwa nila. Marami ang hindi mananampalataya—kasinsama at kasingmapaminsala ba silang lahat ng mga indibidwal na ito? Hindi. Maging sa mga walang pananampalataya, hindi lahat ay ganoon kasama; nagtataglay ang ilang tao ng mga pinakapangunahing pamantayan ng moralidad. Paano naman ang mga indibidwal na ito kung gayon? Wala man lang sila ng mga pinakapangunahing moralidad at pagpapalaki na mayroon ang mga walang pananampalataya; ang mga pagbubunyag nila at ang isinasabuhay nila, sa tumpak na pananalita, ay hindi pasok sa mga pamantayan ng moralidad ng tao. Ang diwa ng mga taong ito ay pagiging maladiyablo. Kung gayon, mula sa perspektiba ng diwa nila, inililigtas ba sila ng Diyos? (Hindi.) Hindi sila inililigtas ng Diyos. At bakit ganoon? Dahil masama at mapaminsala ang pagkatao nila, malademonyo ang kalikasan nito, at sa gayon ay tumututol sila sa katotohanan at nilalabanan nila ito. Ang totoo, ang ganitong paglalarawan ay pagtataas sa kanila; sa mas tumpak na pananalita, tinututulan at kinamumuhian ng mga indibidwal na ito ang mga positibong bagay, hindi sila umaabot sa antas ng pagiging tutol sa katotohanan at hindi pagtanggap dito. Tumututol, namumuhi, at lumalaban sila maging sa mga pinakapangunahing positibong bagay; ang mga panuntunang dapat sundin ng isang taong may normal na pagkatao at ang pagpapalaking dapat na mayroon sila ay pawang mga bagay na kinasusuklaman nila. Kaya ba nilang tanggapin ang katotohanan? (Hindi nila iyon nagagawa.) Tama, hindi nila iyon nagagawa; hindi man lang sila mga trabahador. Sinasabi ng ilang tao, “Dahil hindi man lang sila mga trabahador, ano ang turing sa kanila sa loob ng sambahayan ng Diyos? Paano sila nakapasok sa sambahayan ng Diyos?” Kung ipapaliwanag natin sila, para ilagay sila sa isang kategorya, sa tumpak na pananalita, ang mga indibidwal na ito ay katulad ng mga upahang manggagawa o pansamantalang manggagawa na ipinasok mula sa mga walang pananampalataya. Malinaw ba ang kahulugan nito? Ito ang kategorya nila, gayundin ang papel na ginagampanan nila sa sambahayan ng Diyos. Hindi man lang sila mga trabahador; hindi Ko sila itinuturing na mga trabahador, hindi sila karapat-dapat! Nagtataglay ang mga trabahador ng mga katangiang tulad ng pagkakaroon ng mabuting pagkatao, tunay na pananampalataya sa Diyos, at pagkakaroon ng kahandaang magbayad ng halaga, at ng abilidad na magtiis ng paghihirap, at isinasabuhay nila ang mga bagay na ito. Wala kahit ng mga katangiang ito ang mga indibidwal na ito, kaya ang pagkaklasipika sa kanila bilang mga upahang manggagawa ay pagpapakita na sa kanila ng sukdulang kabaitan at lubos na magalang. Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang upahang manggagawa o pansamantalang manggagawa? Nangangahulugan ito na, dahil sa mga espesyal na pangangailangan sa mga partikular na panahon, ang sambahayan ng Diyos ay kumukuha ng ilang indibidwal na walang kaugnayan sa kaligtasan para makumpleto

ang ilang gampanin. Pagkatapos makumpleto ang mga gampaning ito, nabubunyag ang tunay na kulay ng mga indibidwal na ito. Sapat nang nagdusa ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa pakikisalamuha sa kanila, labis nang nagsasawa sa kanila, at nagkaroon na rin ng sapat na pagkilatis tungkol sa kanila. Sa gayong mga sitwasyon, dapat na paalisin ang mga indibidwal na ito; ito ang pinakaangkop na panahon para sa gayong mga pagkilos. Malinaw bang ipinaliwanag ngayon lang kung paano lumilitaw ang mga indibidwal na ito? (Oo.) Mga upahan silang manggagawa na walang kaugnayan sa kaligtasan, na ipinasok sa mga espesyal na panahon ng gawain ng iglesia. Pagkatapos gumawa ng kung anu-anong trabaho at magserbisyo sa loob ng ilang panahon, gumagawa ang mga indibidwal na ito ng mga walang-pakundangang maling gawa sa loob ng sambahayan ng Diyos, na nagiging sanhi ng maraming paggambala at panggugulo. Ang papel na ginagampanan nila ay iyong sa mga negatibong karakter. Ganap nilang sinasalamin ang tunay na mukha ni Satanas at ng mga diyablo, ginugulo ang gawain ng iglesia, at sinisira ang kaayusan ng buhay iglesia. Sa mas kongkretong pananalita, masasabing lubhang nakakapinsala ang mga indibidwal na ito sa mga interes ng sambahayan ng Diyos, tulad ng paninira ng marami sa mga kasangkapan, makinarya, at mahalagang gamit ng sambahayan ng Diyos, at iba pa. Masasabing nagdulot ng malawakang galit ang mga kilos at pag-uugali ng mga indibidwal na ito. Siyempre, binigyang-kakayahan din nila ang mas maraming tao na matuto ng mga aral at magkamit ng pagkilatis, na matutunan kung ano ang isang diyablo at kung ano ang ibig sabihin ng kawalan ng pagkatao, at na malinaw na makita ang mga tunay na mukha ng mga hindi mananampalataya; binigyang-kakayahan nila ang mga tao na makita, sa isang malinaw at mas kongkretong paraan, kung ano ang mga kaisipan at pananaw ng mga hindi mananampalataya, kung ano ang hinahangad nila, kung ano ang ninanais nila sa kaibuturan ng mga puso nila, kung ano ang saloobin nila sa Diyos at sa katotohanan, at kung ano ang saloobin nila sa mga tungkulin nila, at sa mga positibong bagay, at maging ang mga saloobing kinikimkim ng mga indibidwal na ito sa mga partikular na regulasyong ginawa ng sambahayan ng Diyos, at iba pa. Kapag nagiging ganito kapartikular ito, kung paano isinasabuhay ng mga indibidwal na ito ang pagkatao nila, ang pagkataong diwa nila, at kung ano ang hinahangad nila, ay pawang ganap na nalalantad. Kung gayon, ang pagpapanatili sa mga indibidwal na ito sa iglesia ay tila kalabisan; magdudulot ito ng malaking pinsala sa hinirang na mga tao ng Diyos at hindi talaga ito kapaki-pakinabang sa kanila. Ito na ang panahon para lumisan sila. Kaya, kung sasabihin natin na binigyan sila ng sambahayan ng Diyos ng sapat na panahon at mga pagkakataon para tanggapin ang katotohanan at sambahin ang Diyos, tama ba ang pahayag na ito? (Hindi.) Paano ito dapat sabihin kung gayon? Binigyan sila ng sambahayan ng Diyos ng maraming pagkakataon at sapat na panahon para magbago, pero nagbubunyag ng isang katunayan ang huling resulta: Ang isang diyablo ay palaging isang diyablo sa anumang panahon at hindi maaaring magbago kailanman. Ito ang katunayan. Posible bang maipagawa sa malaking pulang dragon na kilalanin ang katayuan at pagkakakilanlan ng

Diyos? Ang mapagbago at mapasunod sa ilang panuntunan ang mga taong ito na may malademonyong kalikasan—makakamit ba ito? (Hindi.) Hindi nila ito makakamit. Ang pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataon ay hindi para tanggapin nila ang katotohanan, kilalanin nila ang gawaing ginawa ng Diyos, o kumilos sila ayon sa mga katotohanang prinsipyo, kundi para bigyan sila ng mga pagkakataon na magbago. Kung mayroong kahit katiting na palatandaan na nagbago na sila, maaaring magbago ang kalalabasan nila kalaunan. Gayumpaman, hindi alam ng mga taong ito kung ano ang mabuti para sa kanila; palaging magiging ganoon lang ang malademonyo nilang kalikasan. Gaano kahabang panahon man o ilang pagkakataon man ang ibigay sa kanila, hindi magbabago ang isinasabuhay nila at ang diwa nila; isa itong katunayan. Samakatwid, ang pinakamabuting paraan para pangasiwaan ang mga taong ito ay ang tanggalin sila sa mga tungkulin nila, paalisin sila sa iglesia, at tiyakin na wala na silang koneksyon o kaugnayan sa sambahayan ng Diyos. Mayroon bang mga indibidwal na mag-aatubiling makita silang lumisan at maaawa sa kanila, na magsasabing, “Napakabata pa ng mga taong ito; kung bibigyan ng panahon, magiging mahusay sila. Mayroon silang napakagaling na kakayahan, labis silang binigyan ng kaloob at talento—napakaganda sana kung kaya nilang tanggapin ang katotohanan! Kung magiging mas mapagmahal at mapagparaya sana ang sambahayan ng Diyos, at magbibigay sa kanila ng mas marami pang pagkakataon para magsisi, kapag tumanda sila, baka mag-iba ang mga bagay-bagay”? Anong uri ng mga tao ang ganito mag-isip? (Mga taong naguguluhan, mga taong nalilito.) Tama. Silang lahat ay mga taong naguguluhan at nalilito—mga tampalasan lang! Hindi inililigtas ng Diyos ang gayong mga tao, at hindi sila pinapahintulutan ng sambahayan ng Diyos na manatili—ano ba ang dapat kaawaan sa kanila? Sinasabi ng Diyos na hindi Niya ililigtas ang gayong mga tao, pero iminumungkahi mong bigyan sila ng pagkakataong magsisi. Kaya mo bang magligtas ng mga tao? Hindi ba’t pagsalungat ito sa Diyos? Sinusubukan mo bang ipaisip sa iba na mas mapagmahal ka kaysa sa Diyos? Taglay mo ba ang katotohanang realidad? Kaya mo bang kilatisin ang diwa ng isang tao? Sino ba ang makapagliligtas sa mga tao, ang Diyos o ikaw? Ang pangangahas na sumalungat sa Diyos—masyado itong mapagmataas, mapagmagaling, at wala sa katwiran, hindi ba? Hindi ba’t isa itong malaking pagrerebelde? Hindi ba’t reinkarnasyon ito ni Satanas at ng masasamang espiritu, na palaging nasisiyahan sa pagsalungat sa Diyos? Ang mga hindi mananampalatayang binanggit ngayon lang ay mas mababa kaysa sa mga hayop. Paano man makipagbahaginan ang isang tao sa kanila tungkol sa katotohanan, wala itong silbi; maging ang pagpupungos sa kanila ay walang saysay. Masasabing taglay nila ang kalikasan ni Satanas at hindi sila kailanman magbabago. Kung gusto ng isang tao na bigyan ng pagkakataon iyong mga kauri ni Satanas na magsisi, hayaan mo siyang magtustos para sa gayong mga tao; tingnan natin kung tunay na may pagmamahal siya. Iyong mga hindi mananampalataya na hindi man lang tinatanggap ang katotohanan ang pinakamasahol sa iglesia; parang mga hayop silang lahat, wala sa katwiran at walang kakayahang maligtas. Sa nakaraan man o sa kasalukuyan, ang pagtrato sa kanila ng

iglesia ay naging napakaangkop; nagpakita ang iglesia ng napakalaking pasensiya at pagpaparaya sa kanila, at nagbigay sa kanila ng sapat na mga pagkakataon. Pero hanggang ngayon, hindi pa rin talaga sila nagbabago, lalo pang tumitindi ang mga pamamaraan nila. Sa simula, kapag nananampalataya sa Diyos ang mga taong ito nang may mga kuru-kuro nila, imahinasyon, at pagnanais sa mga pagpapala, kaya nilang medyo magpigil, gampanan ang mga tungkulin nila nang may kaunting kasiglahan at sigasig. Gayumpaman, sa huli, kapag nakikita nila na "nangangahulugan ang pananampalataya sa Diyos ng paghahangad sa katotohanan, pagkilala sa gawain ng Diyos, at pagpapasakop sa Diyos, at iyon na lahat iyon," ganap na nalalantad ang saloobin nila sa Diyos at sa katotohanan, pati na rin ang tunay nilang kulay. Ano ba ang nalalantad? Hindi lang sila walang pagkatao, konsensiya, at katwiran, kundi labis-labis din silang malupit, buktot, at mabangis. Hinahamak nila ang Diyos at ang katotohanan, at tinatrato pa nga ang mga hinihingi at panuntunan ng sambahayan ng Diyos—at ang mga atas administratibo ng Diyos—nang may pagkamapanlaban at paghamon. Pinatindi ng mga pagpapamalas nilang ito ang pagkasuklam at pagkamuhing nararamdaman ng hinirang na mga tao ng Diyos sa kanila, at pinabilis din ng mga ito ang pag-aalis sa kanila ng sambahayan ng Diyos, na sa huli ay mabilis na tumukoy kung mananatili o lilisan ba sila, nagpasya ng mga kinalabasan at tadhana nila. Sila ang may gawa ng mga kinalabasan at tadhana nila, hindi naganap ang mga ito dahil sa pag-uudyok o panunulsol ng sinuman, o dahil pinuwersa o tinukso ng isang tao ang mga taong ito, at lalo namang hindi naganap ang mga ito dahil sa mga obhetibong sitwasyon; ang mga kinalabasan at tadhana nila ay kagagawan din nila, naganap ang mga ito dahil sa sarili nilang mga pagpili, at tinukoy ang mga ito ng kalikasang diwa nila at ng mga landas na tinahak nila. Nakatakda na ang mga kalalabasan at tadhana ng mga taong ito; sa sandaling mapaalis sila mula sa hanay ng mga gumagampan ng tungkulin nila, hindi na sila mga trabahador man lang. Maiisip mo nang mabuti kung anong uri ng tadhana ang mapupunta sa kanila—hindi ito karapat-dapat na banggitin dito, dahil hindi sila karapat-dapat.

Pagdating sa uri ng mga tao na nabubunyag at natitiwalag, malinaw na makikita ang mga pagpapamalas ng iba't iba nilang masasamang gawa, pati na rin ang mga mapaminsalang salita at pagbigkas na ibinubunyag nila sa pang-araw-araw nilang buhay. Gayumpaman, walang kakayahan ang ilang lider at manggagawa na makilatis kung ano talaga ang masasamang taong ito, o na makilatis ang kalikasang diwa ng mga ito. Tila hindi batid ng mga lider at manggagawang iyon na ang mga ito ay masasamang tao at mga hindi mananampalataya, at sa gayon ay walang mga plano ang mga lider at manggagawang iyon na alisin ang mga taong ito sa iglesia, o na harapin ang mga ito nang naaangkop. Isa itong malubhang pagpapabaya sa responsabilidad sa parte nila bilang mga lider o manggagawa. Dilat na nakatingin ang mga lider at manggagawa na iyon habang hindi sumusunod sa anuman sa mga panuntunan ng sambahayan ng Diyos ang mga taong ito na may malademonyong kalikasan, habang nag-aamok ang mga ito at walang pakundangang ginugulo at sinasabotahe ng mga ito ang gawain ng iglesia at

ang kaayusan ng buhay iglesia; binibigyang-layaw pa nga ng mga lider at manggagawang iyon ang mga taong ito kapag ang mga ito ay kumikilos nang mapangahas at walang habas, umaasal nang tampalasan, at namiminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos habang diumano'y gumagampan ng tungkulin ng mga ito. Sumasaklaw sa maraming bagay ang pamiminsala sa mga interes ng sambahayan ng Diyos: ang paninira sa makinarya at iba't ibang kasangkapan ng sambahayan ng Diyos, ang paninira sa iba't ibang kagamitan at suplay sa opisina, maging ang pagwawaldas ng mga handog para sa Diyos ayon sa gusto nila, at iba pa. Ang mas malubha, walang pakundangan silang naglalabas ng iba't ibang maling pananampalataya at panlilinlang, na nagdudulot ng sobrang panggugulo na hindi magawa ng hinirang na mga tao ng Diyos na gampanan ang mga tungkulin nila nang mapayapa, labis na panggugulo na ang mga taong mahina at negatibo ay tinatalikuran ang mga tungkulin nila at nawawalan ng pananalig sa pagsunod sa Diyos. Ginagawa ng masasamang taong ito ang lahat ng masamang bagay na ito, ginagawa nila ang lahat ng masamang gawang ito na gumugulo at gumagambala sa gawain ng iglesia at nagdudulot ng pinsala sa mga kapatid, pero nagbubulag-bulagan at nagbibingi-bingihan ang mga lider at manggagawa; sinasabi pa nga ng ilan sa kanila, "Hindi ko alam, walang nagsabi sa akin!" Nagdulot ng malaking pinsala ang pangkat ng mga hayop at diyablong iyon, nagpapakawala ng kaguluhan sa iglesia, pero ganap na walang alam at kabatiran ang mga lider at manggagawa tungkol dito! Hindi ba't basura sila? Nasaan ang puso nila? Ano ang ginagawa nila? Hindi ba't nakikibahagi lang sila sa walang-kuwentang daldalan? Hindi ba't pinapabayaan nila ang mga gampaning marapat nilang gawin? Sa bawat araw na nasa trabaho ang gayong mga huwad na lider ay isa pang araw para walang pakundangang guluhin ng lahat ng uri ng masasamang tao ang iglesia at pinsalain ang hinirang na mga tao ng Diyos. Dahil sa hindi tumutupad ang mga huwad na lider sa mga responsabilidad nila kung kaya't ang pangkat ng mga halimaw na iyon ay walang ginagawa buong araw, hindi gumagampan ng anumang mga tungkulin o sumusunod sa anumang mga panuntunan, nagiging palamunin ng sambahayan ng Diyos, malayang tinatamasa ang iba't ibang materyal na pakinabang at kabutihan ng sambahayan ng Diyos—sadya pa nga nilang ginugulo ang gawain ng iglesia, sinisira ang mga makinarya at kagamitan ng sambahayan ng Diyos. Ganito sila kumilos, gayumpaman ay umaasa pa rin silang magkaroon ng masarap na buhay at gumawa ng anumang gusto nila sa sambahayan ng Diyos, nang walang sinuman ang puwedeng mang-abala o mang-inis sa kanila. Napakalubha ng isyung ito, pero isinasantabi ito ng mga lider at manggagawa, hindi ito nilulutas kahit pa iulat ito ng iba—hindi ba't basura sila na hindi gumagawa ng tunay na gawain? Hindi ba't isa itong malubhang pagpapabaya sa responsabilidad? (Oo.) Sinasabi ng ilan, "Hindi ko nalutas ang problema dahil abala ako sa ibang gawain. Hindi ko lang talaga mabigyan ng panahong gawin ito!" Nasa katwiran ba ang mga salitang ito? Ano ba talaga ang pinagkakaabalahan mo, kung hindi mo nilulutas ang gayon kalubhang problema? Mayroon bang halaga ang mga bagay na pinagkakaabalahan mo? Nagagawa mo bang

unahin ang gawain mo? Hindi ba't dapat unahin ang paglutas sa mga problema, gaano ka man kaabala sa gawain? Ang agarang pag-unawa at pagharap sa iba't ibang uri ng mga tao na gumagambala at gumugulo sa gawain ng iglesia ay ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kung isasantabi mo ang mga tunay na problema at magpapakaabala ka sa ibang mga usapin, gumagawa ka ba ng tunay na gawain? Kung makakatuklas ka ng isang isyu o may mag-uulat ng isang isyu sa iyo, dapat mong isantabi ang gampaning ginagawa mo at agad kang pumunta sa lugar at tingnan mo kung ano ang pinagmulan ng problema. Kung ito ay isang masamang tao na gumugulo at gumagambala sa gawain ng iglesia, dapat mo munang alisin ang masamang taong ito. Pagkatapos, magiging madali na ang paglutas ng ibang mga problema. Kung makakatuklas ka ng isang problema at hindi mo ito aayusin, sinasabi na masyado kang abala, sa katunayan, hindi ba't nagmamadali ka lang na parang isang ardilya sa isang hawla? Ano ba talaga ang pinagkakaabalahan mo? Ito ba ay tunay na gawain? Maaari mo bang ipaliwanag ito nang malinaw? Makatwiran ba ang mga dahilan at palusot mo? Bakit mo itinuturing na hindi mahalaga ang paglutas ng mga problema? Bakit hindi mo maagap na nilulutas ang mga problema? Bakit ka naghahanap ng mga dahilan at umiiwas sa mga bagay-bagay, sinasabing masyado kang abala para asikasuhin ang mga ito? Hindi ba't pagiging iresponsable ito? Bilang isang lider sa iglesia, ang hindi pagbibigay-priyoridad sa paglutas ng mga problema, ang pagpapakaabala sa iba't ibang di-mahalagang usapin, ang pagkabigong makilala ang pag-iral ng mga kritikal na problema, ang kawalan ng kakayahang mapag-iba ang kahalagahan at pangangailangan na gawin agad ang gawain at maarok ang mga napakahalagang punto—ang mga ito ang mga pagpapamalas ng isang napakahinang kakayahan, at ang gayong tao ay magulo ang isip. Kahit gaano karaming taon ka nang isang lider, hindi mo kayang gawin nang maayos ang gawain ng iglesia. Dapat kang tumanggap ng pananagutan at magbitiw. Kung napakahina ang kakayahan ng isang lider, walang silbi ang anumang pagsasanay; tiyak na hindi niya magagawang maisakatuparan ang anumang gawain—isa siyang huwad na lider, na dapat tanggalin at iayos ang tungkulin. Kapag gumagawa ang mga huwad na lider, ano ang mga kahihinatnan? Sa obhetibong pananalita, nagdudulot ng masasalimuot na kawalan sa iglesia ang lahat ng ginagawa ng mga huwad na lider. Sa isang banda, hindi nagagawa nang maayos ang mahalagang gawain ng iglesia, na direktang humahadlang sa pagiging epektibo ng iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia. Kasabay nito, napipinsala at naaapektuhan din nito ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos. Ang pinakamahalaga, naaapektuhan nito ang paglaganap ng ebanghelyo ng kaharian. May direktang kaugnayan ang lahat ng kahihinatnang ito sa mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain. Sa mas malinaw na pananalita, ang lahat ng ito ay dulot ng hindi paggawa ng mga huwad na lider ng tunay na gawain. Kung magagawa ng ibang mga lider at manggagawa na aktibong makibahagi sa kaunting tunay na gawain, na nagpapabilis sa takbo at nagpapaikli sa panahon ng paglutas ng mga problema, hindi ba't medyo maiibsan ang iba't ibang kawalan na dulot

ng mga huwad na lider sa sambahayan ng Diyos? Kahit papaano, mababawasan ang mga ito. Kahit na hindi hinihingi sa iyo ng sambahayan ng Diyos na pangasiwaan kaagad ang mga isyu kapag lumilitaw ang mga ito, kahit papaano man lang, sa sandaling maiulat ang mga problema, dapat mong simulan ang agarang pagtugon sa mga ito: Mag-usisa ka tungkol sa sitwasyon mula sa mga kapatid, at makipagtalakayan at makipagbahaginan ka sa iba pang mga lider at manggagawa kung paano lulutasin ang mga problema. Kung malubha ang isyu at hindi mo alam kung paano ito lutasin, dapat mo itong iulat kaagad paitaas at dapat kang maghanap ng mga solusyon. Ito ang dapat makamit ng lahat ng lider at manggagawa. Ngunit ang kasalukuyang problema ay na ang mga lider at manggagawang ito, kahit pa hindi nila malutas ang mga problema, ay hindi nag-uulat paitaas. Labis silang nangangamba na mag-ulat paitaas sa takot na mabunyag nila ang sarili nilang kawalan ng kahusayan, lubhang mahinang kakayahan, at kawalan ng abilidad na gumawa ng tunay na gawain; nag-aalala sila na matatanggal sila. Ngunit, hindi sila nagkukusang gumawa; sila ay mapurol ang isip at manhid, at mabagal kumilos. Kung walang landas sa paglutas ng mga problema, iniraraos lang nila ang bagay-bagay, na humahantong sa pagkaipon ng napakaraming hindi pa nalulutas na isyu, na nagbibigay ng mga pagkakataon sa masasamang tao. Sa panahong ito, dahil nakikita nila na walang kuwenta ang mga huwad na lider, sinasamantala ng masasamang taong iyon at ng mga may ambisyon ang pagkakataon para walang pakundangang gumawa ng masasamang gawa, isinasadlak ang iglesia sa kaguluhan at kawalan ng kaayusan, pinaparalisa ang lahat ng aspekto ng gawain. Bagama't dapat pasanin ng mga huwad na lider ang pangunahing responsabilidad, hindi rin natupad ng ibang mga lider at manggagawa ang mga responsabilidad nila. Hindi ba't ito ay isang malubhang pagpapabaya sa responsabilidad ng mga lider at manggagawa? Sa katunayan, karamihan sa mga problemang lumilitaw sa iglesia ay direktang nauugnay sa mga panggugulong dulot ng masasamang tao at mga hindi mananampalataya. Kung hindi agarang matutukoy ng mga lider at manggagawa ang ugat ng mga problema, kung hindi nila mahahanap ang mga punong salarin na nagdudulot ng mga problema, at palagi silang maghahanap ng mga dahilan sa kung saanman, hindi nila payak na malulutas ang mga problema, at patuloy na lilitaw ang mga problema sa hinaharap. Kung mahuhuli at direktang mapananagot ang mga nanggugulo o mga gumagawa ng mga problema nang palihim, ang ganitong paraan ng pangangasiwa sa mga problema ang pinakamabisa. Kahit papaano man lang, tinitiyak nito na hindi mangangahas iyong mga hindi mananampalataya at masasamang tao na patuloy na mag-amok at magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan. Hindi ba't ito ang dapat makamit ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Tiyak na masasabing ang pangunahing dahilan ng pagdami ng mga problema ng iglesia at ng hindi maagap na pagkalutas ng mga ito ay dahil sa pagiging iresponsable ng mga lider at manggagawa, o, dahil walang katotohanang realidad ang mga huwad na lider at hindi sila makagawa ng tunay na gawain. Kung hindi kayang lutasin ng mga lider at manggagawa ang iba't ibang problemang lumilitaw sa iglesia, tiyak na hindi nila kayang gawin ang gawaing

likas sa mga posisyon nila. Mayroong ilang sitwasyon at dahilan na dapat malinaw na maunawaan dito: Kung ang mga lider at manggagawa ay mga baguhang walang karanasan, dapat silang matiyagang tulungan, akayin para makalutas ng mga problema, at sa proseso ng paglutas ng mga problema, ay matuto ng ilang bagay at maarok ang mga katotohanang prinsipyo. Sa ganitong paraan, unti-unti silang matututong lumutas ng mga problema. Kung ang mga lider at manggagawa ay hindi ang mga tamang tao, ganap na tumatangging tanggapin ang katotohanan at sa halip ay ginagamit ang mga pananaw at pamamaraan ng mga walang pananampalataya para malutas ang mga problema, hindi ito umaayon sa mga katotohanang prinsipyo. Hindi angkop ang gayong mga tao na maging mga lider at manggagawa at dapat silang maagap na tanggalin at itiwalag; pagkatapos, dapat magdaos muli ng isang halalan para pumili ng mga angkop na lider at manggagawa. Tanging ang pamamaraang ito ang lubusang makakalutas sa problema. Ang pagiging isang lider ng iglesia ay hindi isang madaling gampanin, at hindi maiiwasan na may ilang problemang hindi mapangangasiwaan. Gayumpaman, kung mayroong katwiran ang isang tao, kapag nahaharap sa mga problemang hindi niya kayang lutasin, hindi niya dapat itago o supilin ang mga problema at balewalain ang mga ito. Sa halip, dapat siyang kumonsulta sa ilang tao na nakakaunawa sa katotohanan para sama-samang makahanap ng solusyon, na maaaring makalutas sa pitumpu hanggang walumpung porsiyento ng mga problema, pinipigilan kahit papaano ang pansamantalang pag-usbong ng malalaking isyu. Isa itong mabisang landas. Kung talagang hindi malulutas ang mga problema, dapat siyang humanap ng mga solusyon mula sa ang Itaas, na isang matalinong pasya. Kung itatago at hindi mo iuulat ang mga problema dahil natatakot kang mapahiya o natatakot kang pungusan ka ng ang Itaas dahil sa kawalan mo ng kahusayan, ito ay pagiging ganap na pasibo. Kung kikilos ka na tulad ng isang manhid at mapurol ang isip na hangal, na hindi alam kung ano ang gagawin, maaantala nito ang mga bagay-bagay. Madaling nagbibigay ng mga pagkakataon ang gayong mga sitwasyon sa masasamang tao at mga anticristo, na nagpapahintulot sa kanila na samantalahin ang kaguluhan para kumilos. Bakit sinasabing sinasamantala nila ang kaguluhan para kumilos? Dahil naghihintay sila ng mismong pagkakataong ito. Kapag hindi kaya ng mga lider at manggagawa na pangasiwaan ang anumang mga problema, at ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nakakaramdam ng pagkabalisa at pagkabagabag at nawalan na ng tiwala sa kanila, nilalayon ng masasamang tao at mga anticristo na samantalahin ang puwang na ito. Inaakala nila na ang iglesia ay nasa kalagayan ng kawalan ng pamumuno o pamamahala. Gusto nilang samantalahin ang pagkakataong ito na magpakitang-gilas ng mga abilidad nila para ang hinirang na mga tao ng Diyos ay tingalain sila, suportahan sila, at maniwala na, kumpara sa mga lider at manggagawa, mas mahusay ang kakayahan nila, mas may kakayahan silang lutasin ang mga problema at umakay sa daan palabas, at mas kaya nilang ayusin ang sitwasyon sa gitna ng kaguluhan. Hindi ba’t ito ang pinakagustong gawin ng masasamang tao at mga anticristo? Sa panahong ito, kapag walang magawa ang mga lider at manggagawa, at tumitindig

ang masasamang tao at mga anticristo at lumulutas ng mga problema, umaakay pa nga sa daan palabas, kanino maniniwala ang hinirang na mga tao ng Diyos? Natural, maniniwala sila sa masasamang tao at sa mga puwersa ng mga anticristo. Ano ang ipinapakita nito? Ipinapakita nito na ang mga lider at manggagawa ay walang silbi at wala silang naisasakatuparan, nabibigo sa mga napakahalagang sandali. Karapat-dapat pa rin ba ang gayong mga tao na maging mga lider at manggagawa? Bagama't walang katotohanang realidad ang mga anticristo at hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain, nagtataglay silang lahat ng ilang kaloob sa iba't ibang antas at medyo mas matalino sila pagdating sa mga usaping panlabas, na mismong bumubuo sa kalamangan nila at kung paano nila mailililihis ang mga tao. Pero kung magiging mga lider at manggagawa sila, magagamit ba talaga nila ang katotohanan para lutasin ang mga problema ng hinirang na mga tao ng Diyos? Maaakay ba talaga nila ang hinirang na mga tao ng Diyos para kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, maunawaan ang katotohanan, at pumasok sa katotohanang realidad? Hinding-hindi. Bagama't mayroon silang ilang kaloob at mahusay silang magsalita, wala silang anumang katotohanang realidad. Nararapat ba silang maging mga lider at manggagawa ng iglesia? Talagang hindi! Ito ay isang bagay na dapat makilatis ng hinirang na mga tao ng Diyos; hindi sila dapat kailanman mailihis o makuha ng masasamang tao at mga anticristo. Hinding-hindi hinahangad ng mga hindi mananampalataya, masasamang tao, at mga anticristo ang katotohanan at wala sila ni katiting na katotohanang realidad. Kaya sabihin mo sa Akin, masasabi ba nila ang isang bagay nang may konsensiya at katwiran, gaya ng, "Bagama't walang namamahala sa iglesia ngayon, dapat tayong kumilos nang kusa. Hindi puwedeng baliin ang mga regulasyon ng sambahayan ng Diyos, hindi puwedeng baguhin ang mga prinsipyong hinihingi ng sambahayan ng Diyos. Dapat nating gawin kung ano ang nararapat; dapat manatili ang lahat sa mga tungkuling dapat nilang gampanan, gampanan ang mga responsabilidad nila, at hindi makagambala sa kaayusan"? Masasabi ba nila ang ganitong bagay? (Hindi.) Hinding-hindi! Anong mga pagkilos ang gagawin ng mga hindi mananampalataya at masasamang taong ito? Kung walang pangangasiwa at pagsubaybay, hindi man lang nila ginagampanan ang mga tungkulin nila, nagpapasasa sila sa pagkain, pag-inom, paglalaro, at pagpapakasaya, nakikibahagi sila sa walang kuwentang daldalan, nakikipagbiruan, at nakikipaglandian pa nga. Ginugugol ng ilan ang buong gabi sa panonood ng mga video ng mundong walang pananampalataya, at pagkatapos ay ginagamit ang pagdadahilan na napuyat sila sa paggampan ng mga tungkulin nila upang magpakatamad at matulog nang labis-labis. Ang mga ito ang mga pagkilos ng masasamang tao, iyong sa mga diyablo. Kapag ginagawa nila ang masasamang gawang ito, nakakaramdam ba sila ng anumang pagkakasala? Bigla ba silang magkakaroon ng konsensiya at magkukusang tuparin ang ilang responsabilidad ng tao at gumawa ng isang bagay na kapaki-pakinabang para sa sambahayan ng Diyos, sa iglesia, at sa mga kapatid? Hinding-hindi. Kapag may nanonood, atubili silang gumagawa ng kaunting gawain na pinagmumukha silang mabuti para lang kumayod para

sa pagkain. Ito ang tanging bagay na magagawa nila; bukod dito, walang kahit isang kapuri-puring katangian ang mga taong ito. Kaya, mayroon bang anumang saysay ang pananatili ng mga taong ito sa sambahayan ng Diyos? Walang anumang saysay. Hindi kinakailangan ang gayong mga tao at dapat silang alisin.

Paano ninyo sinusukat kung minamahal ng isang tao ang katotohanan? Hayaan ninyo Akong magbigay ng isang halimbawa para maunawaan ninyo. Nasasangkot sa isang propesyon ang ilang tao, at habang mas natututo sila, habang mas isinusulong nila ang pag-aaral nila, habang mas nakakaunawa sila, mas nagiging handa silang gawin itong propesyon at nababawasan ang pagnanais nilang lisanin ang propesyon. Anong uri ng pagpapamalas ito? Nangangahulugan ba ito na talagang gusto nila ang propesyong ito? (Oo.) Gaano man karaming paghihirap ang tinitiis nila, anuman ang halaga, gaano man katindi ang pagsisikap nila, nagpapatuloy sila sa propesyon nang walang pagsisisi, hindi nasisiraan ng loob. Ito ay tunay na pagmamahal, isang malalim at taos-pusong pagkagiliw. Ipagpalagay nang mayroong nagsasabing gusto niya ang isang partikular na trabaho pero hindi siya handang magtiis ng paghihirap o magbayad ng halaga sa proseso ng pag-aaral ng mga propesyonal na kasanayan, at kapag maraming problema ang lumilitaw sa gawain, hindi siya naghahanap ng mga solusyon, natatakot siya sa problema, at madalas pa nga niyang nararamdaman na ang pagkakaroon ng propesyong ito ay isang abala o pasanin. Gayumpaman, hindi madali ang pagbabago ng propesyon, at matapos isaalang-alang ang mga materyal na pakinabang na maidudulot ng propesyong ito, atubiling ginagawa ng taong ito ang propesyon niya, pero hindi siya kailanman mamumukod-tangi sa propesyong ito. Kung gayon, gusto ba talaga niya ang propesyong ito? (Hindi.) Malinaw na hindi. May isa pang uri ng tao, isang taong pasalitang nagpapahayag ng pagmamahal para sa isang partikular na propesyon at ginagawa ang propesyong ito, pero hindi siya kailanman nagtitiis ng paghihirap o nagbabayad ng halaga para mag-aral nang mabuti ng mga propesyonal na kasanayan. Maaari pa nga siyang magkaroon ng pagkasuklam o pagkapoot sa propesyon na ito habang nasa proseso ng pag-aaral, kaya lalong nababawasan ang pagnanais niyang matuto. Kapag umabot na sa isang partikular na antas ang pagkasuklam niya, nagbabago siya ng karera, at pagkatapos ay ayaw na niyang banggitin ang anumang proseso, kuwento, o ano pa man mula sa panahon na naroon pa siya sa propesyong iyon. Gusto ba talaga ng gayong mga tao ang propesyong iyon? (Hindi.) Hindi nila iyon gusto. Madali silang sumuko sa propesyon, nasusuklam sila at nagpapalit pa nga sila ng karera, na nagpapatunay na hindi talaga nila gusto ang propesyong iyon. Ang dahilan kung bakit kaya nilang abandonahin ang propesyong iyon ay na, pagkatapos gumugol ng napakaraming panahon, lakas, at gastos, hindi sila pinahintulutan ng propesyon na mamuhay ng ninanais nilang marangyang buhay o na magtamasa ng magandang materyal na pagtrato. Nagiging tutol sila sa propesyong iyon at isinusumpa nila iyon sa puso nila, pinagbabawalan pa nga ang iba na banggitin ito, sila mismo ay hindi na ito binabanggit, at nahihiya pa nga sila na naging dati nila itong propesyon at na itinuring nila ito bilang kanilang adhikain at

pinakamataas na layon na hahangarin nila sa buhay. Nang isinasaalang-alang ang antas na kayang abutin ng pagtutol nila sa propesyon, tunay ba ang naging una nilang pagpapakita ng pagmamahal para sa propesyon? (Hindi.) Isang uri lang ng tao ang talagang gusto ang propesyon—nagbibigay man o hindi sa kanya ang propesyon ng magandang materyal na buhay o malalaking pakinabang, at gaano man karami ang paghihirap na nararanasan niya o gaano man karaming pagdurusa ang tinitiis niya sa propesyong ito, kaya niyang magtiyaga rito nang hindi nasisiraan ng loob, hanggang sa kadulu-duluhan. Ito ay tunay na pagmamahal. Ganoon din sa kung minamahal ba ng isang tao ang katotohanan. Kung tunay mong minamahal ang mga positibong bagay, umuusad mula sa pagmamahal sa mga positibong bagay patungo sa pagmamahal sa katotohanan, anuman ang mga sitwasyong daranasin mo, magpupursigi ka sa paghahanap at paghahangad sa katotohanan, nang hindi binabago ang layon ng buhay mo. Kung basta-basta mong magagawang isuko ang pananampalataya sa Diyos at abandonahin ang landas ng kaligtasan, hindi ito tunay na pagmamahal sa katotohanan. Para naman sa mga hindi hinahangad ang katotohanan pero hindi rin sumusuko, mayroon lang isang dahilan para sa pagtitiyaga nila: Iniisip nila na hangga't may katiting na pag-asa para magkaroon ng isang magandang kalalabasan at destinasyon, isang magandang kinabukasan, sulit na sumugal, at dapat silang magtiyaga hanggang sa wakas. Naniniwala sila na kinakailangan ang pagtitiyagang ito; nagkataon lang na tumitindi na ang mga sakuna at wala nang ibang lugar na mapupuntahan, kaya mabuti pang manatili na lang sila rito at subukan kung papalarin sila. Mayroon bang kahit katiting na pagmamahal para sa katotohanan ang gayong mga tao sa puso nila? (Wala.) Wala sila nito. Nang una silang magsimulang manampalataya sa Diyos, nagsasalita rin ang mga taong ito tungkol sa pagkamuhi sa mundo, pagkamuhi kay Satanas, pagkamuhi sa mga negatibong bagay, pagmamahal sa mga positibong bagay, at pag-aasam ng liwanag. Pero ano ang pag-uugali nila kapag pumasok na sila sa sambahayan ng Diyos, sa iglesia? Ano ang saloobin nila kapag natuklasan nila na mga trabahador sila, kapag napagtanto nila na ang mga kilos, mga pag-uugali, at kalikasan nila ay hindi nakakalugod sa Diyos? Anong klase ng mga pag-uugali ang ipinapakita nila? Masasabing kapag nakikinita, nararamdaman, o naiisip nila na hindi na sila pinapaboran sa sambahayan ng Diyos, na itatiwalag sila, pinipiling lumisan ng ilan. Ang iba naman, bagama't nag-aatubili silang manatili sa iglesia, ay nasasadlak sa kawalan ng pag-asa, at sa huli ay napipilitan silang lumisan. Talagang hindi nagmamahal sa katotohanan ang gayong mga tao; kapag nasira ang pagnanais nila para sa mga pagpapala, maaari nilang ipagkanulo ang Diyos at talikuran Siya. Ipinapakita ng iba't ibang pagpapamalas na ito ang mga saloobin ng iba't ibang tao sa katotohanan.

IV. Ang Iba't Ibang Kalalabasan ng Tatlong Uri ng mga Taong Ito

Ngayon lang, nagbahaginan tayo tungkol sa mga katangian ng tatlong uri ng mga tao: mga trabahador, mga upahang manggagawa, at mga tao ng Diyos. Mula sa mga katangian nila, malinaw na ang mga kalalabasan nila sa huli ay hindi natutukoy ng mga

obhetibong kapaligiran o kondisyon, kundi ng sarili nilang mga paghahangad at ng kalikasang diwa nila. Siyempre, sa obhetibong pananalita, ang Diyos ang nagpapasya ng mga kapalaran ng mga tao, pero ginagawa ng Diyos ang mga pagpapasyang ito batay sa kung minamahal ba ng mga tao ang katotohanan at kung kaya ba nilang tanggapin ang katotohanan. Ipinapahayag din ng mga trabahador na minamahal nila ang katotohanan at mga positibong bagay, pero sa huli, kapag natapos na ang gawain ng Diyos, nananatiling hindi nagbabago ang mga kuru-kuro at imahinasyon nila tungkol sa Diyos, ang mga labis na kahilingan nila sa Diyos, at ang pagkakanulo nila sa Diyos. Ito ay dahil, sa panahon ng gawain ng Diyos, sa proseso ng pagsunod sa Diyos at paggampan ng mga tungkulin nila, hindi nila kailanman malulutas ang mga tiwali nilang disposisyon. Ang ugat na sanhi ng hindi nila pagtugon sa mga tiwali nilang disposisyon ay na hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan. Bagama't mayroon sila ng pagnanais na magpasakop sa Diyos, ang tunay na ipinapamalas nila ay tanging isang abilidad na tumalikod at isang kahandaang magbayad ng halaga, nang hindi hinahanap kailanman ang mga katotohanang prinsipyo o ang paraan ng pagpapasakop sa Diyos. Ang panghuling resulta ay na sa kabila ng labis nilang pagsisikap, wala silang kahit katiting na kaalaman tungkol sa Diyos. May kakayahan pa rin silang ipagkanulo ang Diyos at ipahayag ang mga kuru-kuro at imahinasyon nila tungkol sa Kanya at ang mga di-makatwiran nilang kahilingan sa Diyos sa harap ng ibang mga tao at ni Satanas. Kapag natapos na ang gawain ng Diyos, itinuturing pa rin nila ang sarili nila bilang "mayroong mabuting pagkatao, tunay na nananampalataya sa Diyos, mayroong kakayahang tumalikod at magtiis ng paghihirap, at tiyak na maililigtas," at dahil dito, nakakaramdam sila ng kapayapaan. Ang totoo, palagi na nilang tinatahak ang landas ng isang trabahador, nang hindi talaga hinahangad ang katotohanan; kaya, palagi nilang pinapanatili ang pagkakakilanlan ng isang trabahador. Para naman sa isa pang kategorya ng mga tao, ang mga upahang manggagawa, hindi natin sila tatalakayin. Ang isa pang kategorya ay ang mga tao ng Diyos, na kakabanggit lang natin. Sa panahon ng pagsunod sa Diyos, tulad ng mga trabahador, ginugugol nila ang sarili nila para sa Diyos, inilalaan nila ang oras at lakas nila, at maging ang kabataan nila, at dumaranas sila ng matinding pagdurusa at nagbabayad ng malaking halaga. Katulad ito ng mga trabahador. Kung gayon, ano ang naiiba? Ito ay na kapag natapos na ang gawain ng Diyos, matutugunan na ang napakarami nilang kuru-kuro, imahinasyon, at labis na kahilingan sa Diyos. Maiwawaksi na ang mga pagpapamalas, kalagayan, at pagbubunyag ng katiwalian na malinaw na lumalaban sa Diyos sa loob ng mga tiwaling disposisyon nila. Maglalaho ang mga hindi pa nalulutas habang unti-unti nilang nauunawaan ang katotohanan sa pamamagitan ng karanasan. Bagama't hindi pa maiwawaksi nang ganap ang mga tiwaling disposisyon nila, sasailalim sa ilang pagbabago ang mga buhay disposisyon nila. Kadalasan, magagawa nilang magsagawa ayon sa mga katotohanang prinsipyong nauunawaan nila, at lubhang mababawasan ang mga pagbubunyag ng mga tiwaling disposisyon nila. Bagama't hindi totoo na hindi nila ipapakita ang mga ito sa

anumang kapaligiran, matutugunan na ng mga taong ito ang isang pangunahing kahingian: Matutugunan na nila ang kahingian ng Diyos na maging matapat sila; sa pangkalahatan, magiging matatapat silang tao. Dagdag pa rito, kapag ang mga taong ito ay nagpakita ng mga tiwaling disposisyon, o gumawa ng mga pagsalangsang, o nagkimkim ng mga kuru-kuro at pagrerebelde laban sa Diyos, saanmang kapaligiran nila iyon gawin, magkakaroon sila ng isang saloobin ng pagsisisi. At mayroon pang isang puntong napakahalaga: Anumang mga partikular na pagkilos ang gawin ng Diyos at paano man Siya kumilos sa gawain ng paghatol sa mga huling araw, anuman ang layon Niyang gawin sa hinaharap, paano man Niya isasaayos ang kapalaran ng sangkatauhan, at paano man sila mismo mamumuhay sa kapaligirang isasaayos Niya, magkakaroon silang lahat ng isang mapagpasakop na puso at isang saloobin ng pagpapasakop, nang walang mga personal na pasya at walang mga personal na plano at balak. Dahil sa iba't ibang positibong pagpapamalas na ito, magiging uri na sila ng taong hinihingi ng Diyos, isang taong sumusunod sa daan ng Diyos, at ito ay ang matakot sa Kanya at umiwas sa kasamaan. Bagama't magiging malayo pa rin sila mula sa tunay na pamantayan—"ang matakot sa Diyos at umiwas sa kasamaan, at maging isang perpektong tao"—gaya ng sinabi ng Diyos, pagsapit sa kanila ng mga pagsubok ng Diyos, magagawa nilang maghanap at magpasakop, at sapat na ito. Hindi sila magrereklamo; maghihintay at magpapasakop lang sila. Bagama't ang mga kasalukuyan ninyong sitwasyon ay maaaring malayo pa rin sa gayong resulta, at para sa ilan, maaari itong magmukhang napakalayo at hindi maaabot, kung magagawa ninyong tanggapin ang katotohanan at tratuhin ang mga salita ng Diyos bilang prinsipyo at pundasyon ninyo para sa pag-iral, maniwala kayo na isang araw, ikaw, o kayong lahat, ay hindi na magiging malayo mula sa pagiging mga tunay na tao ng Diyos, na Kanyang minamahal—maniwala kayong ang araw na iyon ay abot-tanaw na. Kung ito man ay kasalukuyang ipinropesiya o abot-tanaw na, ang panghuling resulta ay hindi isang pantasya sa alinmang kaso, kundi isa itong katunayan na magkakatotoo at matutupad na. Kung kanino mismo matutupad ang katunayang ito, kung sa aling mga tao ito matutupad, ay nakasalalay sa kung paano ninyo aktuwal na hinahangad ang katotohanan. Sa madaling salita, kung tunay mo bang minamahal ang katotohanan sa antas na kaya mong hangarin at isagawa ito, o mayroon ka lang bang kaunting pagmamahal para sa katotohanan pero hindi mo ito magawang tanggapin at isagawa nang buo, ang panghuling resulta ang magbibigay ng sagot sa iyo. Sige, tatapusin natin dito ang pagbabahaginan natin tungkol sa paksang ito.

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao

Susunod, tutuloy naman tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa: "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay

paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo.” Nahahati sa tatlong pangunahing kategorya ang mga pamantayan para sa pagkilatis sa lahat ng uri ng masasamang tao. Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa layon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos, at pagkatapos ay tumungo tayo sa pagkatao niya. Pagdating sa pagkatao ng isang tao, ikinategorya rin natin ang maraming iba’t ibang pagpapamalas. Ano ang ilang pagpapamalas na napagbahaginan na natin? Basahin ninyo ang mga ito. (Ang ikalawang aytem para sa pagkilatis sa lahat ng uri ng masasamang tao ay may kinalaman sa pagkatao ng isang tao. Una, ang pagkahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan; ikalawa, ang pagkahilig na manamantala; ikatlo, pagiging imoral at walang pagpipigil; ikaapat, pagiging mahilig sa paghihiganti; ikalima, hindi magawang makontrol ang sariling dila.) Nagbahaginan tayo hanggang sa ikalimang punto tungkol sa hindi magawang makontrol ang sariling dila. Nagbabahaginan man tayo tungkol sa mga partikular na pagpapamalas ng pagkatao o tungkol sa iba pang mga bagay, tulad ng sinabi Ko, magkakaroon ito ng magkakaibang epekto sa iba’t ibang uri ng mga tao. Iyong mga naghahangad sa katotohanan, pagkatapos makinig, ay tutuon sa pagsusuri sa sarili nila; susukatin nila ang sarili nila kumpara sa pagbabahagi Ko at magkakaroon sila ng maagap at positibong pagpasok. Gayumpaman, iyong mga hindi naghahangad sa katotohanan, tulad ng mga trabahador, ay makikinig lang at iyon na iyon. Hindi nila ito isinasapuso o hindi nila iginugugol ang puso nila sa pakikinig. Minsan, nakakatulog pa nga sila habang nakikinig sa mga sermon. Hindi nila ito maisaisip, at iniisip pa nga nila, “Ano ang silbi ng pakikinig sa mga di-mahalagang usaping ito? Sayang sa oras—hindi ko pa nga natatapos ang gawaing ginagawa ko!” Palagi silang nag-aalala tungkol sa mga trabahong nangangailangan ng pagpapakapagod. Lubha silang masigasig at nakatuon sa pagpapakapagod, nagpapakita ng katapatan, pero sadyang hindi nila kayang magkaroon ng lakas para sa mga usaping may kinalaman sa katotohanan. Malinaw na ibinubunyag nito na hindi interesado sa katotohanan ang gayong mga tao; nasisiyahan na sila sa pagpapakapagod lang. May isa pang grupo ng mga tao na nagpapanatili ng parehong saloobin paano man magbahaginan ang sambahayan ng Diyos tungkol sa katotohanan: “Mapanlaban at salungat lang ako. Kahit pa tukuyin mo ang mga problema ko at ilantad mo ang mga pagpapamalas, pagbubunyag, at disposisyon ko, hindi ko pa rin ito bibigyang-pansin o seseryosohin. Ano naman ngayon kung malaman ng iba na inilalantad ako?” Walang kahihiyan lang silang nagpapatuloy sa pagsuway at pagsalungat, na hindi na matutubos. Gayumpaman, makikita ang kaibahan ng mga pagpapamalas ng iba’t ibang uri ng mga tao. Ang katotohanan—para man sa mga naghahangad nito, sa mga handang magpakapagod pero hindi nagmamahal dito, o sa mga nasusuklam at tumututol sa katotohanan—ay isang tabak na may dalawang talim, isang panukat. Masusukat nito ang mga saloobin ng mga tao sa katotohanan at pati na rin ang landas na tinatahak nila.

F. Pagiging Hindi Makatwiran at Sadyang Mapanggulo, Nang Walang Sinumang Naglalakas-loob na Galitin Sila

Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa pagkilatis sa limang pagpapamalas ng iba't ibang masasamang tao. Ngayon, magpapatuloy tayo sa pagbabahaginan tungkol sa ikaanim. Ang ikaanim ay isa ring pagpapamalas ng isang uri ng masamang tao, o sa halip, kahit pa hindi itinuturing ng mga tao ang uring ito bilang masama, hindi pa rin ito gusto ng lahat. Bakit ganoon? Ito ay dahil ang mga taong ito ay walang konsensiya at katwiran, walang normal na pagkatao, at lubhang mapanggulo at mahirap makisalamuha sa kanila, na nagdudulot ng pagkasuklam. Ano ang mga partikular na pagpapamalas ng mga taong ito? Ito ay ang pagiging hindi makatwiran at sadyang mapanggulo, nang walang sinumang naglalakas-loob na galitin sila. Mayroon bang gayong mga tao sa iglesia? Bagama't hindi marami, tiyak na mayroon. At ano ang mga partikular nilang pagpapamalas? Sa mga karaniwang sitwasyon, kayang gampanan ng mga taong ito ang mga tungkulin nila nang normal at makisalamuha sa iba nang napakanormal; hindi ka makakakita ng isang malupit na disposisyon mula sa kanila. Gayumpaman, kapag sumasalungat ang mga kilos nila sa mga katotohanang prinsipyo at pinungusan sila, sasabog sila sa galit, ganap na tinatanggihan ang katotohanan habang gumagawa ng mga tila kapani-paniwalang dahilan para sa sarili nila. Bigla, napagtatanto mo na para silang isang hedgehog na nababalot ng mga tinik, isang tigreng hindi mahawakan. Iniisip mo, "Napakatagal na akong nakikisalamuha sa taong ito, iniisip na siya ay may mabuting pagkatao, maunawain, at madaling kausap, naniniwalang kaya niyang tanggapin ang katotohanan. Hindi ko inasahan na isa siyang tao na hindi makatwiran at sadyang mapanggulo. Dapat akong maging mas maingat sa mga pakikisalamuha ko sa kanya sa hinaharap, dapat kong bawasan ang pakikipag-ugnayan maliban na lang kung kinakailangan, at panatilihin ang distansya ko para maiwasan na magalit ko siya." Nakakita na ba kayo ng gayong mga tao na hindi makatwiran at sadyang mapanggulo? Sa pangkalahatan, alam ng mga nakakaunawa sa kanila kung gaano sila kakila-kilabot at nakikipag-usap ang mga iyon sa kanila nang may lubhang pagkamagalang at pag-iingat. Sa partikular, kapag kinakausap ninyo sila, hinding-hindi ninyo sila puwedeng saktan, o hahantong ito sa walang-katapusang problema sa kanila. Sinasabi ng ilang tao, "Sino ba talaga ang magagaspang na taong ito? Hindi pa namin sila nakakatagpo." Kung gayon, kailangan talaga nating pag-usapan ang tungkol dito. Halimbawa, habang nakikipagbahaginan ang mga kapatid sa kanilang mga karanasan, kapag binanggit ng ilan ang mga tiwali nilang kalagayan o mga personal na paghihirap, hindi maiiwasang magpakita ng empatiya ang iba, dahil nagkaroon na ang mga ito ng mga katulad na karanasan o damdamin. Ito ay lubhang normal. Pagkatapos makinig, maaaring isipin ng isang tao, "Nagkaroon na rin ako ng gayong mga karanasan, kaya sama-sama nating pagbahaginan ang tungkol sa paksang ito. Gusto kong marinig kung paano mo ito pinagdaanan. Kung mayroong liwanag ang pagbabahagi mo, at may

kinalaman ito sa isang isyung mayroon ako, tatanggapin ko ito at magsasagawa ako ayon sa mga karanasan at landas mo para makita ko kung ano ang magiging mga resulta.” Mayroon lang isang uri ng tao na, sa sandaling marinig ang iba na magbahagi tungkol sa pagkilala sa sarili nila at maglantad ng sarili nilang katiwalian at kapangitan, ay naniniwala na ito ay hindi direktang paglalantad at panghuhusga sa kanya, at hindi niya mapigilang hampasin ang mesa at sumabog sa galit: “Sino ba ang walang katiwalian? Sino ba ang namumuhay nang nag-iisa? Sa tingin ko, mas malala pa nga ang katiwalian ninyo kaysa sa akin! Ano bang mga kalipikasyon ang mayroon kayong lahat para puntiryahin ako, para ilantad ako? Sa tingin ko, gusto lang ninyo akong pahirapan, ibukod ako! Hindi ba’t ito ay dahil lang nanggaling ako sa kanayunan at hindi ko kayang magsalita ng mga nakakalugod na salita para purihin kayong lahat? Hindi ba’t ito ay dahil ang antas ng edukasyon ko ay hindi kasintaas ng sa inyo? Ni hindi nga ako minamaliit ng diyos, kaya ano ang karapatan ninyo para maliitin ako!” Sasabihin ng iba, “Ito ay normal na pagbabahaginan, hindi nakapuntirya sa iyo. Hindi ba’t pare-pareho ang mga tiwaling disposisyon ng lahat? Kapag nagbabahagi ang isang tao tungkol sa isang paksa at binanggit niya ang sarili niyang tiwaling kalagayan, hindi maiiwasang masumpungan ng iba ang sarili nila sa mga katulad na kalagayan. Kung sa palagay mo ay pareho kayo ng kalagayan, puwede ka ring magbahagi tungkol sa mga karanasan mo.” At sasagot siya, “Ganoon ba? Matitiis ko ang gayong pagbabahagi mula sa isang tao, pero bakit nagtutulungan kayong dalawa o tatlo para apihin ako? Sa tingin ba ninyo ay madali akong kayan-kayanin?” Hindi ba’t palayo nang palayo na sa punto ang mga salita niya habang lalo siyang nagsasalita? (Oo.) May katwiran ba ang gayong mga tao sa pagsasabi ng mga salitang ito? (Wala.) Kung talagang iniisip mo na nakapuntirya sa iyo ang paksa ng pagbabahaginan ng iba, puwede kang makipag-usap o magbahagi tungkol sa paksang ito; direkta kang magtanong kung nakapuntirya ba ito sa iyo, sa halip na isingit mo ang pinagmulan mo bilang isang magsasaka, ang mas mababang antas ng edukasyon mo, o ang pangmamaliit sa iyo ng mga tao. Ano ang silbi ng pagsasabi ng mga bagay na iyon? Hindi ba’t paglilitanya iyon tungkol sa tama at mali? Hindi ba’t ito ay pagiging hindi makatwiran at sadyang mapanggulo? (Oo.) Hindi ba’t iniisip ninyo na kakila-kilabot ang gayong mga tao? (Oo.) Pagkatapos niyang gumawa ng gayong eksena, alam na ng lahat kung anong uri ng tao siya, at kapag nagbabahaginan sa mga darating na pagtitipon, kailangan nilang palaging mag-ingat sa pagsasalita at pag-aralan ang mga ekspresyon niya. Kung magiging mapanglaw ang ekspresyon niya, mag-aalangan ang iba na magsalita, at mararamdaman ng lahat na napipigilan sila sa mga pagbabahaginan sa mga pagtitipon. Hindi ba’t ito ang pagpigil at panggugulong dulot ng pagiging hindi makatwiran at sadyang mapanggulo niya? (Oo.) Lahat ng hindi makatwiran at sadyang mapanggulo ay wala sa katwiran; hindi tatanggapin ng gayong mga indibidwal ang katotohanan at hindi sila maaaring maligtas.

Mayroon pang isang pagpapamalas ang uring ito ng tao na hindi makatwiran at sadyang mapanggulo. Palaging sinasabi ng ilang tao sa mga pagtitipon, “Hindi na ako

puwedeng kumilos nang pabasta-basta. Kailangan kong magtuon sa pagsasagawa sa katotohanan; kailangan kong hangarin ang pagiging perpekto. Likas akong nagsusumikap na maging mahusay. Anuman ang gawin ko, dapat itong gawin nang maayos." Sinasabi nila iyon, pero sa realidad, pabasta-basta pa rin silang kumikilos kapag ginagampanan nila ang tungkulin nila, at maraming problema sa tungkuling ginagampanan nila, malayo sa pagkamit sa epekto ng pagpapatotoo sa Diyos. Kapag tinutukoy ng mga lider ang mga problema sa paggampan nila ng tungkulin at pinupungusan sila, agad silang nagagalit, sinasabing, "Sabi ko na nga ba. Hinuhusgahan ninyo akong lahat kapag nakatalikod ako, sinasabing mahina ang mga propesyonal kong kasanayan. Hindi ba't mababa lang talaga ang tingin ninyong lahat sa akin? Ito ay isang maliit na pagkakamali lang, iyon lang. Kinakailangan bang pungusan ako nang ganito? Bukod pa rito, sino ba ang hindi nagkakamali? Sinasabing pabasta-basta akong kumikilos—hindi ba't naging pabasta-basta ka rin sa gawain mo noon? Kalipikado ka bang punahin ako? Kung wala ang kooperasyon ko, sino sa inyo ang kayang pasanin ang gawaing ito?" Ano ang tingin ninyo sa gayong mga tao? Sa anumang ginagawa nila, hindi nila pinapayagan ang iba na tukuyin ang mga pagkukulang nila o mag-alok ng mga suhestiyon; hindi nila tinatanggap kahit ang makatwirang pagpupungos. Kung sinuman ang magsalita, lumalaban at sumasalungat sila sa kanya, nagbibitaw ng mga hindi makatwirang salita, sinasabi pa nga na minamaliit sila, o na inaapi sila dahil nag-iisa sila at walang kapangyarihan, o iba pang gayong mga bagay. Hindi ba't ito ay pagiging hindi masupil, hindi makatwiran, at sadyang mapanggulo? Mayroon pa ngang ilang tao na, pagkatapos pungusan, ay inaabandona ang tungkulin nila: "Hindi ko na gagawin ang gawaing ito. Kung magagawa ninyo ito, sige, gawin ninyo. Pagkatapos, titingnan ko kung magagawa pa rin ninyong ipagpatuloy ang gawain nang wala ako!" Sinusubukan ng mga kapatid na hikayatin sila, pero hindi sila nakikinig. Kahit kapag nakikipagbahaginan ang mga lider at manggagawa sa kanila tungkol sa katotohanan, tumatanggi silang tumanggap; nagsisimula silang magmataas at abandonahin ang tungkulin nila. Sa mga pagtitipon, nagmumukmok sila, hindi nagbabasa ng mga salita ng Diyos ni nakikipagbahaginan, palaging huling dumarating at unang umaalis. Kapag umaalis sila, nagdadabog sila at ibinabagsak ang pinto, at hindi alam ng karamihan kung paano sila haharapin. Kapag mayroong nangyayari sa gayong mga tao, naglilitanya sila ng mga walang katuturang argumento at walang kabuluhang bagay; nagiging hindi sila masupil at naghahagis pa nga ng mga bagay, ganap na hindi tinatablan ng katwiran. Mayroon ngang mas malulubha pang pagpapamalas ang ilan—kung hindi sila babatiin ng mga kapatid, naiinis sila at sinasamantala nila ang pagkakataon para mag-atungal sa mga pagtitipon: "Alam kong mababa ang tingin ninyong lahat sa akin. Sa mga pagtitipon, nakatuon lang kayong lahat sa pagbabahaginan tungkol sa mga salita ng diyos at sa pagtatalakay ng sarili ninyong mga pagkaunawang batay sa karanasan. Walang may pakialam sa akin, walang ngumingiti sa akin, at walang naghahatid sa akin kapag umaalis ako. Anong klaseng mga mananampalataya kayo? Wala talaga kayong pagkatao!" Nagwawala sila nang ganito sa iglesia. Nagagalit sila

kahit sa mga di-mahalagang usapin, naglalabas ng lahat ng naipon nilang hinaing. Malinaw na ibinubunyag nila ang sarili nilang tiwaling disposisyon, pero hindi nila pinagninilayan ang sarili nila ni kinikilala ang sarili nila, at wala silang pagnanais na hangarin ang pagbabago o ang katotohanan. Sa halip, naghahanap sila ng problema sa iba, naghahanap ng iba't ibang dahilan para balansehin ang sarili nilang kaibuturan ng isipan—at habang ginagawa nila ito, naghahanap sila ng mga pagkakataon para ibulalas ang mga hinaing nila. Ang mas mahalaga, nilalayon nilang mapansin at katakutan sila ng mas maraming tao, para magkaroon sila ng kaunting katanyagan at atensiyon mula sa mga tao. Napakamapanggulo ng ganitong mga tao! Anuman ang sabihin nila, walang sinumang naglalakas-loob na magsabi ng "hindi"; walang sinuman ang naglalakas-loob na tasahin sila nang basta-basta; at walang sinuman ang naglalakas-loob na maging bukas at makipagbahaginan sa kanila. Kahit pa may napapansing ilang kapintasan at tiwaling disposisyon sa kanila, walang sinuman ang naglalakas-loob na tukuyin ang mga ito. Sa mga pagtitipon, kapag nagbabahaginan ang lahat tungkol sa mga personal na karanasan nila at sa pagkaunawa nila sa mga salita ng Diyos, maingat nilang iniiwasan ang taong ito na siyang "pugad ng putakti," natatakot na galitin siya at magdulot ng problema. Nagbubulalas ng sama ng loob ang ilang tao sa mga pagtitipon pagkatapos makatanggap ng hindi magandang pagtrato o maharap sa sama ng loob sa tahanan o gawain. Malinaw na ginagawa nila ang mga kapatid na labasan ng sama ng loob at pinagbubuntunan ng emosyon nila. Kapag nayayamot sila, naglilitanya sila ng mga walang katuturang argumento, umiiyak, at nagwawala. Kung gayon, sino ang maglalakas-loob na makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan? Kung makikipagbahaginan sa kanila, at may masasabing hindi nila magugustuhan, magbabanta silang magpapatiwakal. Lalong magiging mapanggulo iyon. Sa gayong mga tao, hindi uubra ang normal na pagbabahaginan; hindi uubra ang normal na pakikipag-usap; kapwa hindi uubra ang pagiging masyadong mainit o masyadong malamig; hindi uubra ang pag-iwas sa kanila; hindi uubra ang pagiging masyadong malapit sa kanila; at kung hindi magpapahayag ng kaligayahan ang mga kapatid para tumbasan ang kaligayahan nila, hindi uubra iyon; at kapag nakaranas ng paghihirap ang mga taong ito, kung hindi matutumbasan ng mga kapatid ang pagkabagabag nila, hindi rin uubra iyon. Walang umuubra sa kanila. Anuman ang gawin ay puwedeng makainis at makagalit sa kanila. Paano man sila tratuhin, hindi sila kailanman nasisiyahan. Maaaring makagalit sa kanila maging ang mga sermon at pagbabahagi Ko tungkol sa mga partikular na kalagayan ng mga tao. Paano sila ginagalit nito? Iniisip nila, "Hindi ba't paglalantad ito sa akin? Hindi mo pa nga ako nakakasalamuha, at wala pa akong sinasabi sa iyo tungkol sa ginawa ko sa pribado. Paano mo malalaman? May nagsumbong siguro. Kailangan kong malaman kung sino ang nakikipag-ugnayan sa iyo, kung sino ang nagsumbong, kung sino ang nag-ulat tungkol sa akin; hindi ko ito papalampasin!" Ang uri ng taong ito na hindi makatwiran at sadyang mapanggulo ay maaaring magkaroon ng mga baluktot na kaisipan tungkol sa anumang bagay, at hindi

niya kayang tratuhin nang tama ang anumang bagay. Wala siya sa katwiran! Talagang wala siyang pagkamakatwiran, at lalong hindi niya kayang tanggapin ang katotohanan. Ang pananatili niya sa iglesia ay hindi nagdudulot ng pakinabang, nagsasanhi lang ng pinsala. Isa lang siyang pabigat, isang pasanin na dapat tanggalin kaagad; dapat siyang alisin kaagad!

Sa Tsina, ang pananampalataya sa Diyos ay humahantong sa paniniil at pag-uusig ng malaking pulang dragon, at napakaraming tao ang tinutugis at hindi makauwi sa tahanan nila. Gayumpaman, kapag inuusig at hindi makauwi, naniniwala ang ilang tao na nagtamo sila ng merito o kalipikasyon. Namumuhay sila kasama ang mga pamilyang nagho-host, at hindi lang sila nagpapaasikaso sa mga tao—kung bahagyang sasalungat sa mga kahilingan nila ang anumang bagay o magsisimula silang mangulila sa tahanan nila, magsisimula silang gumawa ng eksena, at kailangan silang suyuin at tiisin ng iba. Hindi ba't hindi makatwiran at sadyang mapanggulo ang gayong mga tao? Napakaraming tao ang inuusig, at walang gaanong mga pamilyang nagho-host. Dahil sa pagmamahal, hino-host ng mga kapatid ang mga hindi makauwi. Dahil sa kanila ay wala ang mga ito sa mga lansangan at pinapayagan nila ang mga ito na manirahan sa mga tahanan nila. Hindi ba't biyaya ito ng Diyos? Subalit, hindi lang nabibigo ang ilan na pahalagahan ang biyaya ng Diyos, kundi nabibigo rin silang makita ang pagmamahal ng mga kapatid. Sa halip, nakakaramdam sila ng pagkaagrabyado, at magrereklamo pa nga sila at magiging magulo. Ang totoo, ang mga kondisyon ng pamumuhay sa mga tahanan ng mga kapatid ay mas mainam nang bahagya kaysa sa sarili nilang tahanan. Lalo na pagdating sa pananampalataya sa Diyos at sa paggampan ng tungkulin ng isang tao, ang pananatili sa mga tahanan ng mga kapatid ay mas mainam pa nga kaysa sa pananatili sa sarili nilang tahanan, at ang pagkakaroon ng mga kapatid para makipagtulungan nang may pagkakasundo ay palaging higit na mas mainam kaysa sa nag-iisa lang. Kahit pa medyo nagkukulang ang mga kondisyon ng pamumuhay sa ilang rehiyon, katumbas pa rin ng mga ito ang isang karaniwang pamantayan ng pamumuhay. Ang pinakamahalaga ay na nagagawa nilang mamuhay kasama ang mga kapatid, para madalas na makapagtipon at kumain at uminom ng mga salita ng Diyos, para maunawaan ang marami pang mga katotohanan, at para malaman kung ano ang mga layon ng paghahangad nila. Kaya, iyong mga naghahangad sa katotohanan ay kayang magbayad ng halagang iyon at dumanas ng pagdurusang iyon. Mayroong tamang saloobin tungkol dito ang karamihan sa mga tao; kaya nila itong tanggapin mula sa Diyos, sa kaalamang ang pagdurusang iyon ay kapaki-pakinabang, at na sila ang dapat dumanas niyon. Kaya nila itong harapin nang tama. Pero ang ilang hindi makatwiran at sadyang mapanggulo na mga tao na hindi makontrol ay hindi kayang maarok ang mga bagay sa ganitong paraan. Maaaring medyo matiis nila na hindi makauwi sa loob ng isang linggo, pero pagkatapos ng dalawang linggo, nagiging sumpungin sila, at pagkalipas ng isa o dalawang buwan, nagiging magulo sila, sinasabi, "Bakit puwedeng maging magkakasama nang masaya ang pamilya ninyo pero hindi ako makauwi sa amin? Bakit wala akong kalayaan,

samantalang kayong lahat ay puwedeng magparoon at magparito hangga't gusto ninyo?" Tumutugon ang iba: "Hindi ba't dulot ito ng pag-uusig mula sa malaking pulang dragon? Hindi ba't tama lang na tiisin natin ang gayong pagdurusa bilang mga tagasunod ng Diyos? Ano ba ang problema sa kaunting pagdurusang ito? Sa mga ganitong sitwasyon, bakit dapat maging pihikan? Kung kaya ng iba na tiisin ang pagdurusang ito, bakit hindi mo kaya?" Talagang ayaw ng mga hindi makatwiran at sadyang mapanggulo na magdusa. Kung mahuhuli at mabibilanggo sila, tiyak na magiging mga Hudas sila. Gaano katinding pagdurusa ba talaga ang mayroon sa pamumuhay kasama ang isang pamilyang nagho-host? Una, pagkaing pangtao pa rin ang pagkain; pangalawa, walang sinuman ang nagpapahirap sa iyo; at pangatlo, walang sinuman ang umaapi sa iyo. Iyon nga lang, hindi ka makauwi at hindi mo makasamang muli ang pamilya mo—at ang kaunting pagdurusang iyon ay talagang hindi katanggap-tanggap sa mga taong hindi makatwiran at sadyang mapanggulo. Kapag nakikipagbahaginan sa kanila ang iba tungkol sa katotohanan, tumatanggi silang tanggapin ito, sa halip ay nagsasabi sila ng mga bagay tulad ng, "Huwag mo akong pangaralan tungkol sa mga dakilang doktrinang iyon. Hindi mas kakaunti ang nauunawaan ko kaysa sa iyo; alam ko ang lahat ng ito! Sabihin mo na lang sa akin, kailan ba ako makakauwi? Kailan ba titigil ang malaking pulang dragon sa pagsubaybay sa tahanan ko? Kailan ba ako makakauwi nang hindi ako aarestuhin ng malaking pulang dragon? Kung hindi ko alam kung kailan ako makakauwi, mabuti pang hindi na lang ako mabuhay!" Gumagawa na naman sila ng eksena, at habang nagpapatuloy sila, umuupo sila sa sahig, sumisipa-sipa—at habang lalo silang sumisipa, mas nagagalit sila, at nagwawala rin sila nang hindi masupil, nang may kasamang pag-iyak at pag-atungal. Sinasabi ng iba, "Hinaan mo ang boses mo. Kung ipagpapatuloy mo ang ganito at maririnig ka ng mga kapitbahay, at matutuklasang may mga tagalabas na naninirahan dito, malalantad tayo, hindi ba?" Sumasagot sila, "Wala akong pakialam, gusto ko lang gumawa ng eksena! Makakauwi kayong lahat, pero ako, hindi. Hindi ito patas! Gagawa ako ng matinding eksena para hindi rin kayo makauwi tulad ko!" Hindi humuhupa ang hindi masupil nilang pagwawala, at lumilitaw ang poot nila; walang sinuman ang makakausap sa kanila nang maayos, walang sinuman ang makakahikayat sa kanila. Kapag medyo bumuti na ang timpla nila, tumatahimik sila at tumitigil sa paggawa ng eksena. Pero malay natin—anumang araw, baka maging hindi na naman sila masupil at gumawa ng eksena: Kakailanganin lang nilang magpahangin sa labas at maging malaya, at magsalita nang malakas sa loob ng bahay; palagi silang magbabalak na umuwi. Binabalaan sila ng mga kapatid: "Masyadong mapanganib ang umuwi; mayroong mga pulis na nagmamanman sa lugar at nagmamasid dito." Sumasagot sila, "Wala akong pakialam, gusto kong bumalik! Kung mahuhuli nila ako, mahuhuli nila ako! Ano ba ang problema? Sa pinakamalala, magiging isa lang akong Hudas!" Hindi ba't kabaliwan ito? (Oo.) Hayagan nilang sinasabi na handa silang maging isang Hudas. Sino ang maglalakas-loob na patuluyin sila? Mayroon bang may gustong patuluyin ang isang Hudas? (Wala.) Isa bang mananampalataya sa Diyos ang gayong tao? Hino-host

sila ng mga kapatid bilang isang mananampalataya sa Diyos. Kung medyo nagkukulang ang pagkatao nila, matitiis iyon; matitiis din ang hindi paghahangad sa katotohanan. Pero mayroon silang kakayahang ipahamak ang mga kapatid sa pamamagitan ng pagkakanulo sa iglesia at pagiging isang Hudas, at sa gayon ay hindi magagawang makauwi ng maraming tao sa mga tahanan nila o magampanan ang mga tungkulin nila nang normal—sino ang kayang umako ng sisi para sa mga kahihinatnang ito? Maglalakas-loob ka bang patuluyin ang ganitong klase ng kaaway? Hindi ba't magdudulot lang ng problema sa iyo ang pagpapatuloy sa kanila?

Ang mga tao na hindi makatwiran at sadyang mapanggulo ay iniisip lang ang sarili nilang mga interes kapag kumikilos sila, ginagawa nila ang anumang nakakalugod sa kanila. Ang mga salita nila ay walang iba kundi mga walang katuturang argumento at maling paniniwala, at hindi sila tinatablan ng katwiran. Nag-uumapaw ang malupit nilang disposisyon. Walang sinumang nangangahas na makipag-ugnayan sa kanila, at walang may gustong makipagbahaginan sa kanila tungkol sa katotohanan, sa takot na mapahamak pa. Kinakabahan ang ibang tao kapag pinaprangka sila ng mga ito, natatakot na kung makapagsabi ng hindi nila gusto o hindi naaayon sa gusto nila, sasamantalahin nila iyon at gagawa sila ng masasamang paratang. Hindi ba't masasamang tao ang mga iyon? Hindi ba't mga buhay silang demonyo? Lahat ng may malupit na disposisyon at hindi tuwid ang pag-iisip ay mga buhay na demonyo. At kapag nakipag-ugnayan ang isang tao sa isang buhay na demonyo, maaari niyang ipahamak ang sarili niya dahil lamang sa isang kapabayaan. Hindi ba't magkakaproblema nang malaki kung nasa iglesia ang gayong mga buhay na demonyo? (Oo.) Pagkatapos magwala at magbulalas ng galit ang mga buhay na demonyong ito, may ilang panahon na maaari silang magsalita na parang tao at humingi ng paumanhin, ngunit hindi sila magbabago pagkatapos. Sino ang nakakaalam kung kailan ulit iinit ang ulo nila at kung kailan sila magwawala ulit, maglilitanya ng kanilang mga walang katuturang argumento. Nag-iiba-iba ang puntirya ng kanilang pagwawala at pagbubulalas sa bawat pagkakataon, gayundin ang pinagmumulan at dahilan ng kanilang pagbubulalas. Ibig sabihin, kahit ano ay maaaring ikagalit nila, kahit ano ay maaaring ikadismaya nila, at kahit ano ay maaaring magdulot ng kanilang pagwawala at pagiging hindi masupil. Kahindik-hindik! Napakamapanggulo! Ang mga wala sa katinuan na masamang taong ito ay maaaring masiraan ng bait anumang oras; walang nakakaalam kung ano ang kaya nilang gawin. Pinakakinamumuhian Ko ang gayong mga tao. Bawat isa sa kanila ay dapat alisin—lahat sila ay kailangang paalisin. Ayaw Ko silang makasalamuha. Magulo ang isipan nila at malupit ang disposisyon nila, puno sila ng mga walang katuturang argumento at maladiyablong salita, at kapag may nangyayari sa kanila, mainitin ang ulo na lang silang nagbubulalas tungkol dito. Ang ilan sa kanila ay umiiyak kapag nagbubulalas, ang iba ay sumisigaw, ang iba naman ay nagdadabog ng paa, at mayroon pa ngang ilang umiiling-iling at nagyuyugyog ng mga braso. Sadyang mga halimaw sila, hindi mga tao. Ang ilang kusinero ay naghahagis ng mga kaldero at pinggan kapag umiinit ang ulo

nila; ang iba naman, na nag-aalaga ng mga baboy o aso, ay tinatadyakan at sinasaktan ang mga hayop na ito kapag umiinit ang ulo nila, ibinubulalas nila ang lahat ng galit nila sa mga ito. Ang mga indibidwal na ito, anuman ang mangyari, ay palaging galit ang reaksiyon; hindi sila kumakalma para pagnilayan ni tanggapin ito mula sa Diyos. Hindi sila nagdarasal o naghahanap sa katotohanan, ni hindi sila naghahangad na makipagbahaginan sa iba. Kapag wala silang magawa, nagtitiis sila; kapag ayaw nilang magtiis, nagwawala sila, naglilitanya ng mga walang katuturang argumento, inaakusahan at kinokondena nila ang iba. Madalas nilang sabihin ang mga bagay tulad ng, “Alam kong edukado kayong lahat at minamaliit ninyo ako”; “Alam kong mayaman ang mga pamilya ninyo, at hinahamak ninyo ako dahil mahirap ako”; o “Alam kong minamaliit ninyo ako dahil wala akong pundasyon sa pananalig ko, at minamaliit ninyo ako dahil hindi ko hinahangad ang katotohanan.” Kahit na alam na alam nila ang maraming isyu sa kanila, hindi nila kailanman hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga ito, ni hindi nila tinatalakay ang pagkilala nila sa sarili sa pakikipagbahaginan nila sa iba. Kapag nababanggit ang sarili nilang mga problema, umiiwas sila at gumagawa ng mga hindi totoong kontra-akusasyon, itinutulak ang lahat ng problema at responsabilidad sa iba, at nagrereklamo pa na kaya ganoon ang pag-uugali nila ay dahil sa masamang pagtrato sa kanila ng iba. Para bang ang kanilang mga pagwawala at walang kuwentang panggugulo ay sanhi ng iba, na para bang ang iba ang may kasalanan, wala lang talaga silang magawa kundi ang kumilos sa ganitong paraan, at wasto nilang ipinagtatanggol ang sarili nila. Tuwing hindi sila nasisiyahan, sinisimulan nilang magbulalas ng kanilang hinanakit at maglitanya nang walang katuturan, iginigiit ang mga walang katuturan nilang argumento na para bang mali ang lahat ng iba pang tao, na para bang sila lang ang mababuting tao at ang lahat ng iba pa ay kontrabida. Gaano man sila magwala o maglitanya ng mga argumentong walang katuturan, hinihingi nila na maging mabuti ang sasabihin ng iba tungkol sa kanila. Kahit kapag nagkakamali sila, pinagbabawalan nila ang iba na ilantad o punahin sila. Kung tutukuyin mo kahit ang maliit na isyu nila, sasalabirin ka nila sa walang katapusang mga alitan, at malabo nang makapamuhay ka pa nang payapa kapag nagkagayon. Anong klaseng tao ito? Isa itong tao na hindi makatwiran at sadyang mapanggulo, at ang mga gumagawa nito ay masasamang tao.

Ang mga taong hindi makatwiran at sadyang mapanggulo, sa pangkalahatan, ay maaaring hindi gumawa ng anumang lubos na mapanlinlang o masamang gawa, ngunit sa sandaling masangkot ang kanilang mga interes, reputasyon, o dignidad, agad silang sumasabog sa galit, nagwawala, kumikilos nang hindi masupil, at nagbabanta pa nga na magpapatiwakal. Sabihin mo sa Akin, kung ang gayong kakatwa at di-makatwirang magaspang na tao ay lilitaw sa isang pamilya, hindi ba’t magdurusa ang buong pamilya? Ang tahanan ay mababalot sa matinding kaguluhan, mapupuno ng mga iyak at hiyaw, kaya magiging napakahirap nang mabuhay. May mga gayong tao ang ilang iglesia; bagama’t maaaring hindi halata kapag normal ang lahat ng bagay-bagay, hindi mo alam kung kailan sila sasabog at magbubunyag ng kanilang sarili. Kabilang sa mga

pangunahing pagpapamalas ng mga gayong tao ang pagwawala, paglilitanya ng mga argumentong walang katuturan, at pagmumura sa publiko, at iba pa. Kahit na isang beses lang sa isang buwan o tuwing kalahating taon nangyayari ang mga pag-uugaling ito, nagdudulot ang mga ito ng matinding pagkabagabag at paghihirap, nagdudulot ng iba't ibang antas ng panggugulo sa buhay iglesia ng karamihan sa mga tao. Kung talagang nakumpirma na ang isang tao ay nabibilang sa kategoryang ito, kailangang agaran siyang pangasiwaan at paalisin sa iglesia. Maaaring sabihin ng ilan, "Hindi naman gumagawa ng anumang kasamaan ang mga taong ito. Hindi sila maituturing na masasamang tao; dapat natin silang pagtiisan at pagpasensyahan." Sabihin ninyo sa Akin, ayos lang ba na hindi pangasiwaan ang mga gayong tao? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil nagdudulot ng malaking abala at pagkayamot ang mga kilos nila sa karamihan ng mga tao, at nagdudulot din ng mga kaguluhan sa buhay iglesia.) Batay sa kinalabasang ito, malinaw na iyong mga nanggugulo sa buhay iglesia, kahit na hindi sila masasamang tao o mga anticristo, ay hindi dapat manatili sa iglesia. Ito ay dahil hindi nagmamahal sa katotohanan ang mga gayong tao, bagkus ay tumututol sila sa katotohanan, at kahit ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos o kahit ilang sermon ang naririnig nila, hindi nila tatanggapin ang katotohanan. Kapag gumawa sila ng masama at pinungusan sila, nagwawala sila at naglilitanya nang walang saysay. Kahit may isang taong nakikipagbahaginan sa kanila ng katotohanan, hindi nila ito tinatanggap. Walang sinuman ang may kayang pangatwiranan sila. Kahit kapag nakikipagbahaginan Ako ng katotohanan sa kanila, maaaring nananahimik lang sila sa panlabas pero sa loob-loob nila ay hindi nila ito tinatanggap. Kapag nahaharap sa mga aktuwal na sitwasyon, kumikilos pa rin sila gaya ng nakagawian nila. Hindi sila nakikinig sa Aking mga salita, kaya mas lalong hindi nila tatanggapin ang inyong payo. Bagama't hindi gumagawa ng malalaking kasamaan ang mga taong ito, hindi nila tinatanggap ang katotohanan kahit kaunti. Kung titingnan ang kanilang kalikasang diwa, bukod sa wala silang konsensiya at katwiran, sila rin ay hindi makatwiran, sadyang mapanggulo, at hindi tinatablan ng katwiran. Makakamit ba ng mga gayong tao ang pagliligtas ng Diyos? Tiyak na hindi! Ang mga hinding-hindi tumatanggap sa katotohanan ay mga hindi mananampalataya, sila ay mga alipin ni Satanas. Kapag hindi nasusunod ang kanilang gusto, nagwawala sila, patuloy na naglilitanya ng mga walang katuturang argumento, at hindi sila nakikinig sa katotohanan kahit paano ito pagbahaginan. Ang gayong mga tao ay hindi makatwiran at sadyang mapanggulo, ganap na mga diyablo at masasamang espiritu; mas masahol pa sila sa mga halimaw! Sila ay mga siraulong wala sa tama ang katwiran, at hindi nila kailanman kayang tunay na magsisi. Habang mas matagal silang nananatili sa iglesia, mas dumarami ang kanilang kuru-kuro tungkol sa Diyos, mas dumarami ang kanilang mga hindi makatwirang hinihingi sa sambahayan ng Diyos, at mas lumalaki ang kaguluhan at pinsalang idinudulot nila sa buhay iglesia. Ito ay nakakaapekto sa buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos at sa normal na pag-usad ng gawain ng iglesia. Ang kanilang pamiminsala sa gawain ng iglesia ay hindi mas mababa kaysa sa

pamiminsala ng masasamang tao; dapat maaga pa lang ay paalisin na sila sa iglesia. Sinasabi ng ilan, “Hindi ba’t medyo nagiging hindi lang sila masupil? Wala pa sila sa punto ng pagiging masama, kaya hindi ba’t mas mabuti kung tatratuhin sila nang may pagmamahal? Kung papanatilihin natin sila, baka magbago sila at maligtas.” Sinasabi Ko sa iyo, imposible iyon! Walang “baka” rito—ang mga taong ito ay talagang hindi maliligtas. Ito ay dahil hindi nila kayang maunawaan ang katotohanan, lalong hindi nila kayang tanggapin ito; wala silang konsensiya at katwiran, hindi normal ang proseso ng kanilang pag-iisip, at ni wala sila ng pinakasimpleng sentido komun na kinakailangan sa pag-asal. Sila ay mga taong wala sa tama ang katwiran. Talagang hindi inililigtas ng Diyos ang gayong mga tao. Maging iyong mga medyo mas normal ang pag-iisip at mas mahusay ang kakayahan, kung talagang hindi nila tinatanggap ang katotohanan, ay hindi maililigtas, lalo pa iyong mga wala sa tama ang katwiran. Ang tratuhin pa rin ang gayong mga tao nang may pagmamahal at maniwalang may pag-asa pa sila, hindi ba’t labis na iyong kahangalan at kamangmangan? Sinasabi Ko ito sa inyo ngayon: Ang pag-aalis sa mga hindi makatwiran, sadyang mapanggulo, at hindi tinatablan ng katwiran mula sa iglesia ay ganap na tama. Sa diwa, sinusugpo nito ang panliligalig nila sa iglesia at sa hinirang na mga tao ng Diyos. Ito ang responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kung mayroong gayong mga hindi makatwirang tao sa alinmang iglesia, dapat silang iulat ng hinirang na mga tao ng Diyos, at sa sandaling matanggap ng mga lider at manggagawa ang gayong mga ulat, dapat nilang agarang pangasiwaan ang mga ito. Ito ang prinsipyo para sa pangangasiwa sa ikaanim na uri ng mga tao—iyong mga hindi makatwiran at sadyang mapanggulo.

G. Ang Palagiang Pakikibahagi sa Mahahalay na Aktibidad

Ang ikapitong uri ay iyong mga nakikibahagi sa mahahalay na aktibidad, isang grupong karaniwang nababanggit. Bagama’t ang mga pagpapamalas ng pagkatao nila ay hindi napakasama—hindi tulad ng paghahasik ng hindi pagkakasundo, o paggawa ng masasamang gawa at pagdudulot ng mga pagkakagulo—mayroong parehong katangian ang mga ito, iyon ay na palaging lumilitaw ang mga problema at insidente sa mga pakikipag-ugnayan nila sa kabilang kasarian. Mayroon man o walang mga pagkakataon, palaging lumilitaw ang gayong mga problema sa kanila, at kung wala namang mga pagkakataon, gumagawa sila nito, para mangyari pa rin ang gayong “mga kuwento” ano’t anuman. Anuman ang sitwasyon, sinuman ang isa pang tao, o gaano man kalayo ang loob ng taong iyon sa kanila, talagang nangyayari ang gayong mga insidente sa kanila paminsan-minsan. Anong klase ng mga insidente? Nakikipag-date sila sa isang tao, o palagi nilang gustong mapalapit sa isang tao, o nahuhulog ang loob nila sa isang tao, o may natitipuhan silang isang tao, at iba pang gayong mga bagay. Palagi silang nabibigong mamuhay nang normal at gampanan nang normal ang mga tungkulin nila, palaging naiimpluwensiyahan ng malalaswang pagnanasa. Ibig sabihin, sa mga ordinaryong sitwasyon kung saan hindi nasasangkot ang mga normal na tao sa

gayong mga isyu, madalas silang masangkot. Hindi nila kailangan ng anumang mga espesyal na sitwasyon o ng sinumang gagawa ng mga oportunidad para sa kanila; likas lang na nangyayari ang mga insidenteng ito. Pagkatapos mangyari ang gayong mga insidente, anuman ang mga kahihinatnan, palaging may isang grupo ng tao o isang partikular na tao na pinagbabayad para dito. Anong mga halaga ang ibinabayad nila? Naaapektuhan ang paggawa nila sa tungkulin nila; naaantala at nahahadlangan ang gawain ng iglesia; nababagabag at natutukso ang ilang kabataan, at nawawalan sila ng interes sa pananampalataya sa Diyos at sa paggampan ng mga tungkulin nila; at nawawalan pa nga ang ilang tao ng mga tungkulin nila o binibitiwan nila ang mga ito. Masyadong mapanggulo ang mga taong nakikibahagi sa mahahalay na aktibidad. Sa bawat pagkakataon, ang mga miyembro ng kabilang kasarian ay nagdadagsaan sa palibot nila, lumalapit sa kanila, nakikipaglandian sa kanila, at nakikipagbiruan pa nga. Bagama't walang malulubhang problema na may mahalagang kalikasan ang maaaring lumitaw, lubha nilang ginugulo ang mga normal na kalagayan ng hinirang na mga tao ng Diyos habang ginagampanan ng mga ito ang kanilang mga tungkulin. Saanman sila pumunta, nagdudulot sila ng problema at panggugulo sa iba, sa gawain, at sa iglesia, inaakit pa nga nila sa lahat ng pagkakataon ang mga miyembro ng kabilang kasarian na kaakit-akit para sa kanila, at bumubuo sila ng ugnayan sa mga ito. Napakalaking perwisyo nito. Sa sandaling mahulog ang loob nila sa isang tao, tiyak na mapapahamak ang taong iyon, hindi na niya magagawang normal na manampalataya sa Diyos o gampanan ang mga tungkulin niya. Hindi lubos maisip ang mga kahihinatnan. Hindi na kakayanin ng taong iyon na hindi makausap o makita ang mang-aakit, at habang abala siya sa paggampan ng mga tungkulin niya, hindi niya magagawang makapag-asawa o lumagay sa tahimik, at mananatiling hindi matitinag ang relasyon. Ano ang mangyayari sa huli? Magsisimula siyang magdusa nang matindi, nang napakasakit! Kung magtitiis siya hanggang sa maparusahan siya sa mga sakuna, talagang tapos na ang lahat para sa kanya, mawawasak ang pag-asa niyang maligtas. Minsan, sumasalungat ang ilan at hindi nagsisisi kapag pinungusan sila, kundi sumasalungat pa sila sa ikalawa o maging sa ikatlong pagkakataon, nagkakaroon ng tatlo o apat na relasyon sa loob ng dalawa o tatlong taon, na nagdudulot ng panggugulo sa hinirang na mga tao ng Diyos at sa buhay iglesia, at nasusuklam sa kanila ang hinirang na mga tao ng Diyos dahil dito. Nag-iiwan ito ng mantsa sa kanila, na pinagsisisihan nila habambuhay.

Ang ilang tao, dahil medyo may hitsura sila, at medyo elegante sila at may ilang kaloob at talento, o gumagawa sila ng ilang mahalagang gawain, ay palaging mayroong mga nakakunyapit sa kanila na mga miyembro ng kabilang kasarian na para bang mga langaw, na nakapalibot sa kanila. Ang ilan sa mga ito ay naghahain sa kanila ng mga pagkain, ang ilan ay nag-aayos ng higaan nila, ang ilan ay naglalaba ng mga damit nila, ang ilan ay binibilhan sila ng mga suplementong pangkalusugan at pampaganda at binibigyan sila ng maliliit na regalo, at iba pa. Malugod nilang tinatanggap ang lahat ng dumarating, alam sa puso nila na hindi tama ang gayong pag-uugali ng iba pero hindi

ito kailanman tinatanggihan, nang-aakit ng ilang miyembro ng kabilang kasarian nang sabay-sabay. Nakikipagpaligsahan sa isa't isa ang mga taong iyon para sa pagkakataon na paglingkuran sila, nakikipagkompetensiya at nagseselos sa isa't isa, habang tinatamasa ng mahalay na tao ang damdamin, naniniwalang sila ay lubos na kaakit-akit. Sa realidad, ang mga usapin ng kalalakihan at kababaihan ay nauunawaan nang mabuti ng mga nasa hustong gulang na, at nauunawaan maging ng mga menor de edad ang mga ito; tanging ang mga hangal, may kapansanan sa pag-iisip, o may sakit sa pag-iisip ang hindi nakakaunawa sa mga ito. Bakit ba masidhing nakikipagkompetensiya ang mga taong ito para paglingkuran at palugdan ang isang miyembro ng kabilang kasarian? Tungkol lang ito sa kagustuhang mang-akit, hindi ba? Hindi na ito kailangan pang ipaliwanag; alam ng lahat kung ano ang nangyayari. Ito ay isang bagay na batid na batid ng mga tao, isang bagay na malinaw na mali, ngunit hindi ito tinatanggihan ng taong iyon, kundi sa halip ay walang-kibong sinasang-ayunan—ano ang tawag doon? Ito ay tinatawag na pakikipaglandian. Alam niyang tungkol ito sa pang-aakit sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, pero para sa katuwaang dulot ng pagtugon sa malalaswang pagnanasa ng laman, ayaw niyang tumanggi. Pakiramdam niya, ang sensasyong ito ay isang klase ng kasiyahan, isang sensasyon na mas masarap pa nga kaysa sa anumang masarap na pagkain sa mundo, kaya hindi siya tumatanggi. Kapag hindi tumatanggi ang naturang tao, iyong mga nang-aakit sa kanya ay lalong sumasaya, iniisip na sila ang gusto ng taong iyon, ikinasisiya ang sitwasyon sa loob-loob nila. At iniisip ng taong iyon na hangga't walang malalim na relasyon na naganap, hindi ito maituturing na isang bagay na malubha, na lubhang mas malala ang kahalayan ng mga walang pananampalataya, at na sa pinakahigit ay itinuturing lang itong pang-aakit, katulad ng normal na pakikipag-date. Ngunit dapat bang ganito ang pakikipag-date? Ngayong araw ay kasama ang isang tao, bukas ay iba naman, walang pakundangang paulit-ulit na nakikipag-date at nang-aakit ng sinuman. Saanman sila magpunta, inuuna ng gayong mahahalay na tao ang pagpapalabas ng malalaswa nilang pagnanasa, pagpapakitang-gilas, at pang-aakit. Habang dumarami ang taong naaakit nila, mas sumasaya ang pakiramdam nila. Ano ang mangyayari sa huli? Pagkatapos magpakitang-gilas nang paulit-ulit, makikilatis ng ilang kapatid ang pag-uugali nila at sama-samang magsusulat ang mga ito ng isang liham sa mga nakatataas na lider. Papatunayan ng isang imbestigasyon ang mga pahayag ng mga kapatid, at aalisin sa iglesia ang mahalay na tao. Nakita ba ninyo kung ano ang mangyayari? Hindi ba't nagtatapos na roon ang landas ng pananampalataya nila sa Diyos? Nabubunyag ang kalalabasan nila. Ang mga kilos at pag-uugali nila, na sa tingin ng mga tao ay hindi puwedeng palampasin, ay lalong mas kasuklam-suklam sa Diyos. Ang pag-uugaling ipinapakita ng mga taong ito ay hindi kumakatawan sa wastong ugnayan sa pagitan ng mga tao, ni sumasalamin sa mga normal na pangangailangan ng tao. Mailalarawan ang mga kilos nila sa isang salita lang: "kahalayan." Ano ang tinutukoy ng kahalayan? Ang ibig sabihin nito ay ang walang pakundangang pakikipagrelasyon sa kabilang kasarian, iresponsableng pang-aakit sa iba ayon sa sariling kagustuhan, at

panunukso at panliligalig sa mga miyembro ng kabilang kasarian. Ito ay pagbibigay-layaw sa pagnanasa, at paggawa nito nang hindi isinasaalang-alang ang kabayaran o ang mga kahihinatnan. Kung kalaunan ay may isang taong mabibitag at romantikong makikipaglandian sa kanila, tatanggi silang kilalanin ito, sasabihin, “Nagbibiro lang ako. Sineryoso mo ba? Hindi ko talaga iyon sinasadya; masyado mo itong binibigyan ng kahulugan.” Hindi ba’t isa itong diyablong nanunukso sa mga tao? Pagkatapos tuksuhin ang isang tao, naghahanap siya ng susunod niyang pupuntiryahin, nang-aakit ng iba. Napakasama at napakabuktot niya! Pagkatapos akitin ang isang tao, tatanggi siyang kilalanin ito. Kung may isang taong malilihis at madadamay sa gusot dahil sa gayong tao, hindi ba’t nakakasuklam iyon? (Oo.) Kamuhi-muhi ba ang mga tao na walang pakundangang nang-aakit ng iba? (Oo.) Ipinahayag ng sambahayan ng Diyos sa pinakasimula pa lang na kung umabot na ang isang tao sa edad ng pag-aasawa at nasa hustong gulang na siya, hindi kumokontra ang sambahayan ng Diyos sa normal niyang pakikipag-date o sa pag-aasawa niya at pamumuhay niya kasama ng kabiyak niya sa normal na paraan, at na pinapahintulutan ang taong ito at binibigyan siya ng kalayaang gawin iyon. Gayumpaman, mayroong ilang kondisyon: Hindi pinapayagan ang pakikibahagi sa mahahalay na aktibidad; hindi pinapahintulutan ang walang pakundangang pang-aakit at pakikipaglandian, at ang kaswal na panliligalig sa kabilang kasarian. Hindi naghihigpit ang sambahayan ng Diyos sa pakikipag-date, pero hindi nito pinapayagan ang walang pakundangang pang-aakit. Ano ang ibig sabihin ng walang pakundangang pang-aakit? Ang ibig sabihin nito ay ang panliligalig sa sinumang miyembro ng kabilang kasarian, at pagkatapos ay ang hindi pag-amin sa paggawa nito. Ang mga taong nililigalig nila ay hindi ang kanilang tunay na minamahal; hindi nila nilalayong makipagrelasyon nang pangmatagalan o magpakasal kundi nais lang nilang mang-akit, paglaruan ang taong iyon, masiyahan sa kanya, maghanap ng mga katuwaan, makarelasyon ang ilang kasintahan, kumilos tulad ng isang malaswang tao—ito ay tinatawag na kahalayan. Sa iglesia, hindi pinapahintulutan ang kahalayan, at kung mangyayari ito, dapat pangasiwaan iyong mga kasangkot ayon sa mga prinsipyo ng pagpapaalis sa mga tao. Siyempre, sa loob ng mga pangkat ng mga taga-ebanghelyo, hindi pinapahintulutang mangyari ang gayong mga sitwasyon sa mga taong nangangaral ng ebanghelyo, mula man sila sa mga iglesiang may tungkuling full-time o sa mga ordinaryong iglesia. Kung magkukunwari ang isang tao na ipinapangaral ang ebanghelyo para walang pakundangang mang-akit ng iba, pinipiling makipagtulungan sa mga miyembro lang ng kabilang kasarian, o ipinapangaral lang ang ebanghelyo sa mga miyembro ng kabilang kasarian, at sa gayon ay sinasamantala ang pagkakataon para pumasok sa mga di-wastong ugnayan, gagambalain at guguluhin nito ang gawain ng ebanghelyo ng Diyos. Dapat agarang alisin ng mga lider at manggagawa ang gayong mga tao.

Para makahanap ng mga miyembro ng kabilang kasarian at makibahagi sa mahahalay na aktibidad, binabalewala ng ilang tao ang edad at wala silang limitasyon sa edad. Sinusubukan lang nilang akitin ang lahat ng makakaya nila, nang walang katiting na

kahihiyan. Hindi lang tinutugunan ng ilan ang malalaswang pagnanasa ng kanilang laman sa pang-aakit ng mga miyembro ng kabilang kasarian—hinihingi pa nga nila sa kabilang panig na ito ang magbayad ng mga gastusin sa pamumuhay nila, na bilhan sila nito ng mga bagay-bagay, at iba pa. Kung makakatuklas kayo ng gayong mga tao o mayroong mag-uulat ng gayong mga pangyayari, dapat agarang pangasiwaan ang mga ito. Ang tanging solusyon ay ang paalisin ang mga taong ito, ang permanenteng paalisin ang mga taong ito. Ito ay dahil para sa mga taong may ganoong mga isyu, hinding-hindi ito isang pansamantalang problema. Lalo nang ganito ang kaso para sa mga may-asawa—sa kabila ng pagkakaroon ng asawa sa tahanan, partikular pa rin nilang pinupuntirya ang kabilang kasarian gamit ang pagdadahilan na nangangaral sila ng ebanghelyo. Naghahanap sila ng kahit anong uri, mayaman man o mahirap, at kung makakahanap sila ng taong gusto nila, maaari pa nga silang makipagtanan kasama ito, ni hindi na nga ipinapangaral ang ebanghelyo—hindi na talaga nananampalataya sa Diyos. Kung maagang matutuklasan ang gayong mga tao, dapat silang agad at permanenteng paalisin sa mga hanay ng mga nangangaral ng ebanghelyo, nang hindi na binibigyan ng isa pang pagkakataon, at nang wala nang pangangailangan pa para sa karagdagang obserbasyon. Nauunawaan ba ninyo? Sinasabi ng ilan, “Para sa ilan, mahirap ang buhay. Kung mang-aakit sila ng isang tao sa kabilang kasarian para bumuo ng isang pamilya, at magagawa ng taong iyon na manampalataya sa Diyos at suportahan sila, hindi ba’t iyon ay isang sitwasyong makabubuti sa lahat?” Sinasabi Ko sa iyo, kailangang paalisin ang gayong mga tao sa lalong madaling panahon; hindi buhay-pamilya ang talagang habol nila kundi ang pakikibahagi sa mahahalay na aktibidad. Bakit Ako labis na nakakatiyak? Kung hindi sila ang uri na nakikibahagi sa mahahalay na aktibidad, pagkatapos manampalataya sa Diyos ay hinding-hindi na sila magpapatuloy sa gayong mga pag-uugali at masusuklam na sila sa mga iyon, lalo na kung mayroon na silang asawa. Ang mga kalakaran ngayon sa buong mundo ay mahalay at buktot; nagpapasasa ang mga tao sa pagnanasa nila at nagpapaligsahan sila kung sino ang makakaakit ng mas maraming miyembro ng kabilang kasarian nang walang anumang pangangailangan para sa pagpipigil, dahil hindi kinokondena o nililibak ng lipunang ito at ng sangkatauhang ito ang mga pagkilos na ito. Kaya, iniisip ng mga tao na kung magagawa nilang kumita ng pera sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mahahalay na aktibidad at pagbebenta ng laman nila, isa itong tanda ng kasanayan o kapabilidad. Tinitingnan nila ito bilang isang bagay na dapat ipagmalaki. Gayumpaman, pagkatapos manampalataya sa Diyos, ganap na nagbabago ang mga pananaw ng mga tao sa mga usaping ito. Nahahanap nila ang wastong paraan para tratuhin ang malalaswang pagnanasa ng laman, na una sa lahat ay may kaugnayan sa pagpipigil. Paano maisasagawa ng isang tao ang pagpipigil? Kailangang magkaroon ang mga tao ng kahihiyan at makaramdam ng kahihiyan. Iyon ang tinatawag na normal na pagkatao. Mayroong malalaswang pagnanasa ang lahat ng tao, pero kailangang matutunan ng mga tao na pigilan ang sarili nila, na makaramdam ng kahihiyan. Kahit na mayroon silang

ilang ganitong pag-iisip, dapat nilang pigilan ang sarili nila dahil nananampalataya sila sa Diyos at mayroon silang konsensiya at katwiran. Hinding-hindi nila dapat sundin ang mga maling bagay na nasa isipan nila, lalong hindi sila dapat magpasasa sa mga ito. Dapat nilang hanapin ang katotohanan para malutas ang mga isyung ito. Kahit pa sila ay mga bagong mananampalataya na hindi nauunawaan ang katotohanan, dapat pa rin nilang ikumpara ang sarili nila sa mga pinakapangunahing pamantayan ng moralidad ng tao. Kung wala ka kahit ng antas na ito ng pagpipigil, wala kang normal na pagkatao at wala kang konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Sumusunod ang lahat ng klase ng mga hayop sa isang partikular na kaayusan at sumusunod ang mga ito sa mga panuntunan sa usaping ito, hindi kumikilos nang walang pakundangan; bilang mga tao, lalo pa ngang hindi sila dapat kumilos nang walang pakundangan, at mayroon dapat silang mas higit na pagpipigil. Kung wala ka kahit ng antas na ito ng pagpipigil at pagkontrol sa sarili, paano ka makakaasang mahahanap at maisasagawa mo ang katotohanan? Kung hindi mo man lang kayang lutasin ang sarili mong buktot na pagnanasa, paano mo malulutas ang mga tiwali mong disposisyon? Ang kalikasan mo ng paglaban at pagkakanulo sa Diyos ay lalo nang magiging mas imposibleng malutas, hindi ba? (Oo.) Kung hindi mo man lang kayang pangasiwaan ang malalaswang pagnanasa ng laman, paano ka makakaasang malulutas mo ang mga tiwali mong disposisyon? Huwag mo na itong isipin pa. Hindi mo ito makakamit.

Palaging naghahanap ng mga pagkakataon ang ilang tao para makipag-date habang nangangaral ng ebanghelyo, at madalas mangyari ang gayong mga insidente. Iyong mga nakagawian na nagkakaroon ng mga romantikong relasyon habang pinapabayaan ang mga nararapat nilang gampanin ay pinaalis at pinangasiwaan na, samantalang iyong mga paminsan-minsang sumasalangsang ay binabalaan. Sa sandaling makahanap ng mga angkop na sitwasyon ang mga indibidwal na ito na may mga buktot na disposisyon at makatagpo sila ng isang tao na itinuturing nilang kalaguyo, natutukso sila. Sa gayon, naglalaho sa gitna ng buktot nilang pagnanasa ang intensyon nilang tumanggap ng mga pagpapala sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos. Sa sandaling pumasok sila sa isang romantikong relasyon, pinapabayaan nila ang lahat ng iba pa, inaabandona pa nga ang intensyon nilang mapagpala, at hinahangad lang ang kaligayahan ng laman. Pagkatapos ng isa o dalawang pagkakasala, maaari silang makaramdam ng kaunting pag-aakusa sa sarili at pagkabagabag, pero pagkatapos ng tatlo o apat na beses, nagiging kahalayan na ito. Sa sandaling magsimula na ang kahalayan, hindi na sila nakakaramdam ng pag-aakusa sa sarili o pagkabagabag dahil nalabag na ang suson ng kahihiyan na siyang pinakabatayan ng pagkatao ng isang tao. Hindi na nila itinuturing na kahiya-hiya ang kahalayan at sa gayon ay patuloy silang nakikibahagi rito. Iyong mga kayang magpatuloy na makibahagi sa kahalayan ay lubhang nagpapasasa sa malalaswa nilang pagnanasa, hindi nagpapakita ng anumang pagpipigil. Hindi pinapayagan ang gayong mga indibidwal sa iglesia, at dapat silang paalisin; huwag silang bigyang-layaw at huwag gumawa ng anumang pagdadahilan para panatilihin sila. Hindi nagkukulang ng

mga tao ang sambahayan ng Diyos para mangaral ng ebanghelyo; hindi nito kailangan ng gayong malalaswang tao para magparami ng bilang dahil lubha itong nakakasira sa pangalan ng Diyos. Samakatwid, kung mayroong mag-uulat o kung personal mong matutuklasan ang gayong mga indibidwal sa loob ng pangkat ng mga tagapagpangaral ng ebanghelyo, dapat alam mo na kung ano ang gagawin. Kung mayroong ganitong isyu ang ilang bagong mananampalataya, dapat muna ninyong pagbahaginan ang katotohanan tungkol sa isyung ito, ipaalam sa lahat kung ano ang mga prinsipyo at saloobin ng iglesia sa mga gumagawa ng mahahalay na gawa. Sa pinakamababang antas, dapat silang bigyan ng paunang babala para maiwasan nilang gawin ito at na gamitin ang pangangaral ng ebanghelyo bilang isang pagkakataon para makibahagi sa gayong mga pag-uugali, at sa huli ay sisisihin iyong mga namamahala o ang mga lider at manggagawa sa hindi pakikipagbahaginan nang maaga ng mga ito tungkol sa mga nauugnay na katotohanang prinsipyo. Samakatwid, bago mangyari ang gayong mga insidente, bago mabatid ng ilang tao ang saloobin ng sambahayan ng Diyos sa gayong mga indibidwal at usapin, kapag hindi malinaw sa mga tao ang tungkol sa mga isyung ito, dapat na hayagan at malinaw na makipagbahaginan sa kanila ang mga lider at manggagawa tungkol sa mga prinsipyong ito para malaman nila kung sa anong klase ng pag-uugali at kalikasan nabibilang ang mga usaping ito, at kung ano ang saloobin ng sambahayan ng Diyos sa gayong mga usapin at indibidwal. Pagkatapos na masinsinang mapagbahaginan ang tungkol sa mga prinsipyong ito, kung kakapit pa rin sila sa sarili nilang landas at ipagpapatuloy nila ang ginagawa nila sa kabila ng pagkaalam sa mga prinsipyong ito, dapat silang pangasiwaan at tanggalin, dapat silang paalisin. Kung lilitaw ang gayong mga indibidwal sa iglesia, madalas na nagdudulot ng mga insidente sa pamamagitan ng pang-aakit sa iba o madalas na nagsasanhi ng panliligalig sa mga miyembro ng kabilang kasarian, tiyak na mayroon silang mga problema. Kahit pa walang naganap na malalaking isyu, dapat na balaan at pangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang mga indibidwal na ito, o tanggalin ang mga ito sa mga lugar kung saan ginagampanan ng mga tao ang mga tungkulin nila; sa malulubhang kaso, dapat direktang paalisin ang mga indibidwal na ito. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa ikapitong aspekto ng mga pagpapamalas ng pagkatao ng mga tao.

Disyembre 18, 2021

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (27)

Ngayon, ipagpapatuloy natin ang pagbabahaginan tungkol sa paksa ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Noong nakaraan, nagbahaginan tayo hanggang sa ikalabing-apat na responsabilidad, at mayroon pa ring ilang sekondaryang paksa sa ilalim ng responsabilidad na ito na hindi pa napagbahaginan. Bago tayo magbahaginan, una, balikan natin kung ilang responsabilidad mayroon ang mga lider at manggagawa. (May labinlima.) Sige at basahin mo ang mga ito.

(Ang mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa:

1. Akayin ang mga tao na kumain at uminom ng mga salita ng Diyos at unawain ang mga ito, at pumasok sa realidad ng mga salita ng Diyos.
2. Maging pamilyar sa mga kalagayan ng bawat uri ng tao, at lutasin ang iba't ibang paghihirap na may kaugnayan sa buhay pagpasok na nararanasan nila sa tunay nilang buhay.
3. Ibahagi ang mga katotohanang prinsipyo na dapat maunawaan para magampanan nang maayos ang bawat tungkulin.
4. Alamin palagi ang sitwasyon ng mga superbisor ng iba't ibang gawain at ng mga tauhan na responsable sa iba't ibang mahalagang trabaho, at agad na iayos ang tungkulin nila o tanggalin sila kung kinakailangan, para maiwasan o mabawasan ang mga kawalan na dulot ng paggamit sa mga taong hindi angkop, at matiyak ang kahusayan at maayos na pag-usad ng gawain.
5. Panatilihing mayroong napapanahong pagka-arok at pang-unawa tungkol sa estado at pag-usad ng bawat aytem ng gawain, at magawang agarang lutasin ang mga problema, itama ang mga paglihis, at remedyuhan ang mga kapintasan sa gawain nang sa gayon ay maayos itong makausad.
6. Iangat at linangin ang lahat ng uri ng kalipikadong talento upang ang lahat ng naghahangad ng katotohanan ay magkaroon ng pagkakataon na magsanay at pumasok sa katotohanang realidad sa lalong madaling panahon.
7. Magtalaga at gumamit ng iba't ibang uri ng tao nang makatwiran, batay sa kanilang pagkatao at mga kalakasan, upang ang bawat isa ay magamit sa pinakamainam na paraan.
8. Agarang iulat at hanapin kung paano lutasin ang mga kalituhan at paghihirap na nararanasan sa gawain.
9. Tumpak na ipagbigay-alam, iatas, at ipatupad ang iba't ibang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos alinsunod sa mga hinihingi nito, magbigay ng patnubay, pangangasiwa, at panghihikayat, at mag-inspeksiyon at magsubaybay sa estado ng pagpapatupad sa mga ito.

10. Maayos na pangalagaan at makatwirang ilaan ang iba't ibang materyal na aytem ng sambahayan ng Diyos (mga aklat, iba't ibang kagamitan, pagkaing butil, at iba pa), at magsagawa ng mga regular na inspeksiyon, pagmementena, at pagkukumpuni upang mabawasan ang pagkasira at pagkasayang; gayundin, iwasang angkinin ng masasamang tao ang mga ito.
11. Pumili ng mga maaasahang taong may pagkataong pasok sa pamantayan lalo na para sa gampanin ng sistematikong pagrerehistro, pagbibilang, at pangangalaga ng mga handog; regular na suriin at tingnan kung tama ba ang mga papasok at papalabas nang sa gayon ang mga kaso ng paglulustay o pagwawaldas, pati na ang mga hindi makatwirang paggastos, ay matukoy kaagad—ipatigil ang gayong mga bagay at humingi ng makatwirang kabayaran; dagdag pa rito, iwasan, sa anumang paraan, na mapasakamay at makuha ng masasamang tao ang mga handog.
12. Agaran at tumpak na tukuyin ang iba't ibang tao, pangyayari, at bagay na nakagagambala at nakagugulo sa gawain ng Diyos at sa normal na kaayusan ng iglesia; pigilan at limitahan ang mga iyon, at ituwid ang mga bagay-bagay; dagdag pa rito, pagbahaginan ang katotohanan upang magkaroon ng pagkilatis ang hinirang na mga tao ng Diyos sa pamamagitan ng mga gayong bagay at matuto sila mula sa mga iyon.
13. Protektahan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa panggugulo, panlilihis, kontrol, at lubhang pamiminsala ng mga anticristo, at bigyan sila ng kakayahan na kilatisin ang mga anticristo at talikuran ang mga ito mula sa puso nila.
14. Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo.
15. Protektahan ang iba't ibang mahalagang tauhan sa gawain, pinangangalagaan sila mula sa mga pang-aabala ng mundong nasa labas, at panatilihin silang ligtas upang matiyak na makauusad nang may kaayusan ang iba't ibang mahalagang aytem ng gawain.)

Narinig ba ng lahat nang malinaw ang lahat ng labinlimang responsabilidad na ito? (Oo.) Ang ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo." Kung gayon, paano mo makikilatis ang iba't ibang uri ng masasamang tao? Ang unang pamantayan ay batay sa intensiyon nila sa pananampalataya sa Diyos. Sa ilang punto natin hinati-hati ang mga intensiyon ng mga tao sa pananampalataya sa Diyos? Hinati-hati natin ang mga ito sa siyam na punto: Ang unang punto ay para matugunan ang pagnanais ng isang tao na maging isang opisyal; ang ikalawa ay para hanapin ang kasalungat na kasarian; ang ikatlo ay para makaiwas sa mga sakuna; ang ikaapat ay para makibahagi sa oportunismo; ang ikalima ay para maging palamunin ng iglesia; ang ikaanim ay para maghanap ng kanlungan; ang ikapito ay para maghanap ng tagasuporta; ang ikawalo ay para hangarin ang mga pampolitikang pakay; at ang ikasiyam ay para magmanman sa iglesia. Ito ay pagkilatis sa diwa ng iba't ibang uri ng

mga tao batay sa kanilang mga intensyon at pakay sa pananampalataya sa Diyos. Ang ikalawang pamantayan ay para sa pagkilatis sa iba't ibang uri ng mga tao na kailangang paalisin o patalsikin batay sa mga pagpapamalas ng kanilang pagkataong diwa sa iba't ibang aspekto. Ilang pagpapamalas ang sangkot sa pamantayang ito? Una, pagkahilig na mambaluktot ng mga katunayan at kasinungalingan; pangalawa, pagkahilig na manamantala; pangatlo, pagiging imoral at walang pagpipigil; pang-apat, pagiging mahilig sa paghihiganti; panlima, hindi magawang makontrol ang sariling dila; pang-anim, pagiging hindi makatwiran at sadyang mapanggulo, nang walang sinumang naglalakas-loob na galitin sila; pampito, ang palagiang pakikibahagi sa mahahalay na aktibidad; pangwalo, pagkakaroon ng kakayahang magkanulo anumang oras; pansiyam, pagkakaroon ng kakayahang umalis anumang oras; pansampu, pag-aalinlangan; panlabing-isa, pagiging duwag at mapaghinala; panlabindalawa, pagiging mahilig maghanap ng gulo; panlabintatlo, pagkakaroon ng isang komplikadong pinagmulan. May labintatlong pagpapamalas sa kabuuan. Ang ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay ang "Agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo." Ang mga isyu kaugnay sa unang pamantayan—ang intensiyon ng isang tao sa pananampalataya sa Diyos—ay napagbahaginan na. Napagbahaginan na rin natin ang unang pitong isyu ng kanilang pagkatao, na siyang ikalawang pamantayan. Ngayon, magsisimula tayong magbahaginan mula sa ikawalong pagpapamalas ng kanilang pagkatao: "Pagkakaroon ng kakayahang magkanulo anumang oras."

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikaanim na Bahagi)

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao

H. Pagkakaroon ng Kakayahang Magkanulo Anumang Oras

Iyong mga hayagang nagpapamalas ng kakayahang ipagkanulo ang iglesia anumang oras—kaya ninyong tukuyin ang mga ganitong uri ng tao, tama? Napakalubha ba ng problema sa ganitong mga tao? (Oo.) May ilang tao na ipinagkakanulo ang iglesia dahil duwag sila, samantalang ginagawa naman ito ng iba dahil sa kanilang masamang pagkatao o iba pang mga isyu. Anuman ang dahilan, ang katunayang may kakayahan ang ganitong uri ng mga tao na ipagkanulo ang mga kapatid at ipagkanulo ang Diyos anumang oras ay nagpapakita na hindi sila maaasahan. Kung makakakuha sila ng ilang mahalagang impormasyon tungkol sa iglesia o personal na impormasyon tungkol sa mga kapatid, tulad ng kung saan nakatira ang mga kapatid, kung sino ang mga lider ng iglesia, anong gawain ang kinasasangkutan ng iglesia, o sino ang gumagawa ng

mahahalagang trabaho at tungkulin, puwede nilang isiwalat ang impormasyong ito kapag lumitaw ang panganib o sa partikular na espesyal na mga sitwasyon, ipinagkakanulo ang iglesia at ang mga kapatid. Ang isang dahilan na puwede nilang gawin ito ay para protektahan ang sarili nila at tiyakin ang sarili nilang seguridad. Sa kabilang banda, puwedeng sadya silang kumilos nang ganito, hindi seryosong tinatrato ang impormasyong ito at may kakayahang isiwalat ito at magkanulo anumang oras kapalit ng pansariling kapakinabangan. Halimbawa, may ilang tao na inaresto ng malaking pulang dragon, at sa oras ng interogasyon, binabantaan, inaakit, o pinahihirapan pa nga sila ng malaking pulang dragon para pilitin silang umamin, sinasabi sa mga taong ito na kung magsasalita sila ay palalayain sila, kaya ipinagkakanulo nila ang lahat ng impormasyong alam nila tungkol sa mga kapatid at sa iglesia kapalit ng sarili nilang kalayaan. Ang mga ganitong uri ng tao ay mga tipikal na Hudas. Sabihin ninyo sa Akin, paano dapat tratuhin at pangasiwaan ang uri ng mga tao na mga tipikal na Hudas? (Ang ganitong uri ng mga tao ay dapat kaagad na patalsikin at sumpain din.) Kadalasan, ang mga tipikal na Hudas na ito—sinasadya man o hindi sinasadya—ay nagtatanong o nagkakamit ng kaalaman tungkol sa partikular na mga sitwasyon ukol sa iglesia at tinatandaan ito. Kalaunan, kapag nangyayari sa kanila ang ilang sitwasyon at sila ay inaresto, ipinagtatapat nila ang impormasyong ito. Sa panlabas, maaaring tila hindi para sa intensiyon ng sadyang pagtatapat ng impormasyon sa malaking pulang dragon ang mga pagtatanong at pag-alam nila tungkol sa mga detalyeng ito, pero kapag naaresto sila, hindi nila mapigilan ang sarili nila. Dahil dito, nagdudulot ang pagtatapat nila ng ilang masamang kahihinatnan sa iglesia. Kaya, ang mga kaswal na pagtatanong at pag-alam nila tungkol sa mga partikular na bagay na ito ay hindi maituturing na ordinaryong pakikipag-usap o pakikipagdaldalan; sa halip, ginagawa nila ito nang sadya at may pakay. Inihahanda nito ang mga kondisyon para maging mga Hudas sila kalaunan. Malulutas ba ang problema ng mga taong kaswal na nagkakanulo sa impormasyon ng iba sa pamamagitan ng gayong mga pamamaraan tulad ng pakikipagbahaginan ng katotohanan o pagbibigay sa kanila ng mga babala? (Hindi.) Bakit hindi? (Dahil ang ganitong uri ng mga tao ay walang konsensiya at katwiran, at hindi nila tatanggapin ang katotohanan, at walang silbi ang pakikipagbahaginan sa katotohanan sa kanila.) Paano dapat pangasiwaan ang ganitong uri ng masamang tao na kayang kaswal na maminsala ng iba? Mayroon lang isang solusyon, ang paalisin sila, dahil ang ginawa nila ay hindi lang nakapamiminsala sa mga kapatid, kundi nakagugulo rin sa gawain ng iglesia. Matutukoy ang ganitong uri ng pag-uugali bilang pagkakanulo sa mga kapatid at sa iglesia, kaya't ang ganitong mga uri ng tao ay kailangang paalisin o patalsikin. Bagaman ang mga ganitong uri ng tao ay hindi matutukoy bilang mga anticristo, may sapat na mga dahilan para matukoy sila bilang masasamang tao na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia. Samakatwid, ang pagpapaalis sa ganitong uri ng mga tao ay ganap na naaayon sa mga prinsipyo. Ang mga taong ito ay hindi interesado sa katotohanan; mahilig lang silang magtanong-tanong kung saan-saan tungkol sa mga detalye ng mga lider at manggagawa, gayundin sa mga detalye ng

partikular na mga kapatid. Ilang taon na silang nananampalataya sa Diyos at hindi pa nakauunawa ng maraming katotohanan—pero nakapangalap na sila ng marami-raming impormasyon tungkol sa mga pamilya ng mga lider at manggagawa at ng mga kapatid. Sinumang kapatid ang mabanggit, makapagbabahagi sila ng ilang detalye tungkol sa mga ito, na talagang ikinagugulat ng iba. Bagaman hindi sila mga lider o manggagawa, palagi silang masigasig na nagtatanong tungkol sa partikular na mga panloob na usapin ng iglesia, tulad ng gawaing administratibo, mga pinuno ng iba't ibang estruktura, at ilang trabahong kaugnay sa mga panlabas na usapin. Madalas silang nagtatanong kung sino ang pumunta sa kung saang mga lugar para gawin ang mga tungkulin ng mga ito at kung kailan umalis ang mga ito, kung sino ang iniangat, kung sino ang tinanggal, at kung paano umuusad ang partikular na mga aspekto ng gawain ng iglesia. Pagkatapos magtanong tungkol sa mga bagay na ito, ikinakalat nila ang impormasyon kung saan-saan. Ang mas kasuklam-suklam pa ay na may ilang tao na isinusulat ang impormasyong nakalap nila pagkatapos magtanong tungkol dito. Hindi ba't ipinapakita nito na mayroon silang mga lihim na motibo? (Oo.) Kapag itinatala ang sarili nilang mga usapin sa bansa ng malaking pulang dragon, alam nilang gumamit ng code o sikretong lengguwahe, pero kapag itinatala ang impormasyon ng iba, hindi sila gumagamit ng isang pamamaraan na nagpapakita ng kahit kaunting karunungan, sa halip ay itinatala lang ang tunay na mga pangalan, hitsura, edad, numero ng telepono, at iba pang detalye ng mga kapatid. Hindi ba't naglalayon silang magkanulo? May masasamang intensyon sila at talagang nilalayon nilang magkanulo. Kapag may nangyaring mapanganib na bagay at nakumpiska ng pulisya ang impormasyong itinala nila, kailangan lang ng pulisyang pagbantaan at takutin sila nang hindi man lang gumagamit ng pagpapahirap; at kaagad nilang ipinagtatapat ang lahat nang detalyado, nang walang itinatagong anuman. Para sa mga bagay na nakalimutan na nila, pinipiga pa nga nila ang mga utak nila para makaalala, at sa sandaling may naalala sila, kaagad nilang sinasabi ito sa pulisya. Dinadala pa nga nila ang pulisya sa tahanan ng mga kapatid, sa tahanan ng mga lider at manggagawa, at sa tinutuluyan ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin para maaresto ang mga ito. Sa palagay ninyo, hindi ba't lubos na ubod ng sama ang ganitong uri ng mga tao? (Oo.) Bago nila ipagkanulo ang iba, mukhang hindi sa isang masamang tao ang pag-uugali nila, lalong hindi sa isang anticristo—puwedeng sadyang mga pagpapamalas ang mga ito ng isang karaniwang tiwaling tao—pero kapag naaresto na sila, nagagawa nilang kaagad na ipagkanulo ang sinuman sa mga kapatid. Ang isang pagpapamalas lang na ito ay ginagawa silang mas ubod pa ng sama kaysa sa masasamang tao at mga anticristo. Hindi sa hindi nila mapigilang magsiwalat ng kaunting walang saysay na impormasyon sa ilalim ng matinding pamimilit, pagpapahirap, at pag-uusig dahil napakahina ng kanilang laman at hindi na nila ito makayanang tiisin. Sa halip, maagap at walang ingat nilang isinisiwalat ang lahat ng impormasyong nalalaman nila, nang walang anumang pagsasaalang-alang sa seguridad ng mga kapatid, lalong walang anumang pagsasaalang-alang sa gawain

ng iglesia. Sobrang ubod ng sama nito! Isa ito sa mga pagpapamalas ng ganitong uri ng mga tao na mga Hudas.

May isa pang uri ng mga tao, na naghahangad na iulat ang iglesia at ang mga kapatid sa katiting na probokasyon. Halimbawa, kapag nakararanas sila ng mga natural na sakuna, karamdaman, o ng manakawan, nagrereklamo sila tungkol sa Diyos at nagrereklamo rin sila na walang pagmamahal ang mga kapatid at hindi sila tinutulungang lutasin ang mga problema nila. Dahil dito, ginugusto nilang ipagkanulo ang iglesia at ang mga kapatid. May ilang tao na nagsasagawa ng mga maling gawa nang walang pakundangan at pinupungusan; at nilalayuan din sila ng mga kapatid; dahil dito, pakiramdam nila ay walang pagmamahal ang sambahayan ng Diyos, kaya't naibubulalas nila: "Inaayawan ninyo akong lahat, hindi ba? Minamaliit ninyo ako, hindi ba? Makapagkakamit pa rin ba talaga ako ng mga pagpapala mula sa pananampalataya sa diyos? Kung hindi ako makapagkakamit ng mga pagpapala, iuulat ko kayong lahat!" Ito ang "pinaka-klasikong" linya ng gayong mga tao. Bakit Ko sinasabing ang pahayag na ito—"Kung hindi ako makapagkakamit ng mga pagpapala, iuulat ko kayong lahat"—ay "klasiko" para sa kanila? Ito ay dahil kinakatawan ng pahayag na ito ang pagkatao nila. Ang pariralang ito ay hindi isang bagay na sinasabi nila para lang magbulalas ng pagkamuhi nila pagkatapos makaranas ng maraming hindi kasiya-siyang sitwasyon o dahil sa malalim na sama ng loob, ni hindi ito isang biglaang bugso ng damdamin. Sa halip, ito ay isang bagay na pumuno sa kanilang puso at puwedeng mabunyag anumang oras. Ito ay isang bagay na matagal nang umiiral sa kanilang puso at puwedeng sumabog anumang sandali. Kinakatawan nito ang kanilang pagkatao. Ganito kababa ang kanilang pagkatao—kung may sinumang magpapagalit o mananakit sa kanila, kaya nilang ipagkanulo ang taong iyon anumang oras. Kung, habang ginagawa ang tungkulin nila, nilalabag nila ang mga pagsasaayos ng gawain o mga prinsipyo, at pinupungusan sila nang kaunti ng mga lider at manggagawa, o ng mga kapatid, sila ay nagiging mapaghinanakit, galit, at di-nasisiyahan, at pagkatapos ay sinasabi nila ang mga bagay tulad ng, "Iuulat ko kayo! Alam ko kung saan ka nakatira, alam ko ang pangalan at apelyido mo!" Kung hindi ninyo mapapahinahon ang ganitong uri ng mga tao, puwede ka talaga nilang ipagkanulo. Hindi nila sinusubukang manakot ng sinuman, ni hindi nila ito sinasabi dala ng bugso ng damdamin; kung may isang tao na talagang magpapasama ng loob nila o manggagalit sa kanila, kayang-kaya nilang ipagkanulo ang taong iyon. Sinasabi ng ilang tao, "Bakit sila dapat katakutan?" Hindi sa natatakot tayo sa kanila. Hindi natin katatakutan ang pagkakanulo nila kung nangyari ang ganitong bagay sa isang demokratiko at malayang bansa. Pero sa bansa ng malaking pulang dragon, kung magkakanulo talaga sila, puwede itong magdulot ng problema para sa mga kapatid at makaapekto sa gawain ng iglesia. Kapag naaresto talaga ang mga kapatid, gagawin itong malaking bagay ng malaking pulang dragon. Kapag nakahanap sila ng butas, patuloy silang mang-aaresto ng mga tao nang walang katapusan. Sa ganoong pangyayari, maaapektuhan ang buhay iglesia ng malaking bilang ng mga tao,

at maaapektuhan ang normal na paggampan ng tungkulin ng maraming tao. Hindi ba't napakalala ng mga kahihinatnang ito? Kailangan ninyong isaalang-alang ang mga bagay na ito! Ang ganitong uri ng mga tao ay palaging nagmamaktol kapag nakikisalamuha sa iba. Kung may magsasabi ng isang bagay na nakapagpapalungkot sa kanila, o naglalantad sa mga problema nila at gumagalit sa kanila, sumasama ang loob nila sa taong iyon at puwede pa ngang tumangging makipag-usap dito sa loob ng ilang araw, at kapag hinanap ninyo sila at hilingin sa kanilang gawin ang tungkulin nila, binabalewala nila ang kahilingan. Imposibleng makasundo ang ganitong uri ng mga tao. Hindi ba't masasamang tao sila? Sa isang grupo ng mga tao, madalas ninyong naririnig ang masasamang tao na nagsasabi ng mga bagay tulad ng: "Kung may sinumang babangga sa akin, hindi ko ito palalampasin! Alam ko eksakto kung saan kayo nakatira, alam ko maging ang kulay ng inyong mga kurtina sa bintana. Alam na alam ko kung saan kayo nagtitipon at kung saan nakatira ang mga lider at manggagawa!" Masasabi ba ninyong mapanganib ang ganitong uri ng mga indibidwal? (Oo.) Mga tipikal na Hudas sila. Kahit kapag normal ang lahat, maaaring sadyain nilang magkanulo. At kapag may nangyaring ilang aberya, sila ang unang lalabas at magiging Hudas. Kaya, kung matutuklasan ang ganitong uri ng mga tao sa iglesia, dapat silang paalisin o patalsikin sa lalong madaling panahon. Ano pa ang ibang mga pagpapamalas ng ganitong uri ng mga tao? Halimbawa, sa mga pagtitipon, dahil regular na nagkikita-kita ang mga kapatid, hindi na kailangan pang magbatian. Kapag oras na, sinisimulan nila ang pagtitipon, binabasa ang mga salita ng Diyos at nagbabahaginan tungkol sa katotohanan. Pero nagagalit iyong mga taong nagmamaktol kapag nakikita nilang walang pumapansin sa kanila o bumabati sa kanila. Ibinubulalas nila, "Minamaliit ba ninyo akong lahat? Hmph! Wala sa inyo ang sumasalubong sa akin—puwes, ayos lang iyon; may paraan ako para pangasiwaan kayo. Alam ko kung saan nakatira ang mga lider ng iglesia, alam ko kung sino sa inyo ang gumagawa ng inyong mga tungkulin kung saan at anong gawain ang ginagawa ninyo, alam ko kung sino ang nagpapatuloy sa mga lider at manggagawa, sino ang nag-iingat sa mga handog, sino ang nangangasiwa sa pag-iimprenta ng mga aklat, at sino ang responsable sa paglilipat ng mga ito. Iuulat ko kayong lahat! Iuulat ko sa pulisya ang lahat ng tungkol sa iglesia!" Kung tinatrato sila ng mga tao nang may lubos na paggalang, maayos ang lahat. Pero sa sandaling may pumukaw o gumalit sa kanila, nagiging problema ito—maghihiganti at magkakanulo sila. Sa tuwing may nararanasan silang bagay na nakapagpapalungkot o nakapagpapadismaya sa kanila, nagbabanta sila nang marahas laban sa mga kapatid at sa mga lider ng iglesia. Masasabi ba ninyong nakatatakot at mapanganib ang ganitong uri ng mga tao? (Mapanganib sila.) Ang ganitong uri ng mga tao ay mga Hudas na kayang magkanulo anumang oras; mapapanganib na indibidwal sila.

May isa pang pagpapamalas ang mga taong kayang magkanulo anumang oras. Halimbawa, sa bansa ng malaking pulang dragon, ang bilang ng mga iglesiang itinatag sa iba't ibang probinsya at lungsod, kung ilang mga tao ang nabibilang sa bawat iglesia,

sino ang mga lider, at anong gawain ang isinasagawa ng iglesia—ang mga bagay na ito ay kailangang panatilihing mahigpit na kumpidensiyal. Dapat maging mapagbantay maging sa mga di-nananampalatayang kapamilya at kamag-anak, at hindi kailanman dapat makalabas ang impormasyong ito para maiwasan ang mga problema para sa iglesia sa hinaharap. Gayumpaman, ang mapapanganib na indibidwal na ito na nagkikimkim ng mga lihim na motibo ay palaging nagtatangkang magtanong tungkol sa gayong mga bagay. Kung ang mga kapatid ay tumatangging sabihin sa kanila, pakiramdam nila: “Bakit alam ninyong lahat ang mga bagay na ito, samantalang ako lang ang walang kaalam-alam? Bakit hindi ninyo sabihin sa akin? Tinatrato ba ninyo akong tulad ng isang tagalabas, hindi bilang isa sa mga kapatid? Kung ganoon, sige, iuulat ko kayo!” Tingnan mo, sa anumang sitwasyon, kaya nilang iulat ang iglesia at ang mga kapatid. Walang sinuman ang nagpasama ng loob nila, pero kahit ang pinakamaliit na pagkadismaya ay nag-uudyok sa kanila na iulat ang iglesia. Halimbawa, kapag ipinamamahagi ang mga aklat ng mga salita ng Diyos sa mga kapatid, nasasabik ang lahat na magsimulang tingnan kung ilang kabanata ng mga salita ng Diyos ang nasa aklat, kung ilang pahina ang naroon, at ang kalidad ng pag-imprenta. Masaya at nasasabik silang lahat na hawakan ang aklat sa mga kamay nila. Pero, sa kabilang banda, iniisip ng uri ng mga tao na mga Hudas: “Saan inimprenta ang aklat na ito? Magkano ang halaga sa pag-iimprenta ng isang kopya? Sino ang namamahala sa pag-iimprenta? Pagkatapos mag-imprenta, sino ang nangangasiwa sa transportasyon? Paano naihahatid ang mga aklat na ito sa ating iglesia? Saan nakaimbak ang mga aklat? Sino ang namamahala sa pag-iingat ng mga ito?” Likas na sensitibo ang mga paksang ito. Sa pangkalahatan, iyong mga may pagkamakatwiran at iyong mga may pagkatao ay hindi magtatanong tungkol sa gayong mga usapin, pero ang mapapanganib na indibidwal na ito na kayang magkanulo ay sabik na magtanong tungkol sa mga ito. Kaya, ano sa palagay mo—dapat mo bang sabihin sa kanila kapag paulit-ulit silang nagtatanong tungkol sa mga bagay na ito, o hindi? (Hindi natin dapat sabihin sa kanila.) Kung sasabihin mo sa kanila, magkakaroon sila ng kakayahang isiwalat ang impormasyong ito at magkanulo. At kung hindi mo sasabihin sa kanila, may masasabi sila: “Bakit hindi ko nalalaman ang tungkol dito? Hindi patas ang sambahayan ng diyos! Bahagi ako ng sambahayan ng diyos, may karapatan akong malaman ang tungkol sa anuman at lahat ng usapin! Tinatrato ninyo ako tulad ng isang tagalabas. Sige, iuulat ko kayo!” Muli, gusto nilang iulat ang iglesia. Hindi ba’t masasamang tao sila? Kung talagang iniulat nila ang iglesia sa pulisya, anong mga kahihinatnan ang maidudulot nito? Hindi ba’t malalagay ang buhay ng mga kapatid sa panganib kung maaaresto sila? Bukod pa rito, pagkatapos mang-aresto ng pulisya, magdudulot ito ng napakaraming paghihirap sa mga kapatid at sa gawain ng iglesia. Maaapektuhan din nito ang buhay pagpasok ng hinirang na mga tao ng Diyos sa iba’t ibang antas—iyong mga hindi alam kung paano hanapin ang katotohanan ay puwedeng maging negatibo, at baka ganap pa ngang huminto sa pagdalo sa mga pagtitipon. Hindi talaga nila isinasaalang-alang ang alinman sa mga ito.

Kaya, mayroon ba silang konsensiya at katwiran? Anumang gawain ang ginagawa ng iglesia, gusto nila palaging sila ang unang makaalam tungkol dito. Masaya lang sila kapag alam nila ang lahat ng nangyayari sa iglesia. Kung may kahit isang bagay na hindi sinabi sa kanila, hindi nila mapalalampas ito at gusto nilang umalis at iulat ang iglesia, na puwedeng magdulot ng malaking problema. Anong uri ng buhong ang ganitong tao? Isa siyang diyablo! Kung ang isang diyablo ay palaging inaalala ang tungkol sa anumang bagay sa iglesia, tiyak na magdudulot ito ng problema. Halimbawa, kung may ilang kapatid ang may-kaya at nagbibigay ng malalaking handog, hindi siya kailanman tumitigil sa pag-iisip tungkol dito at itinatanong sa mga ito, “Magkano ang inihandog mo?” Sasagot ang kabilang partido, “Bakit ko iyon sasabihin sa iyo? Hindi dapat malaman ng kanang kamay ang ginagawa ng kaliwang kamay. Hindi ko puwedeng sabihin sa iyo—kumpidensiyal ito!” Sumasagot siya, “Kumpidensiyal maging iyon? Hindi ka nagtitiwala sa akin. Hindi mo ako tinatrato bilang isa sa mga kapatid!” Sa puso niya, naghihinanakit siya sa kabilang partido at iniisip, “Hmph, akala mo napakahusay mo na dahil sa malalaki mong handog! Ayaw mong sabihin sa akin kung magkano ang inihandog mo. Alam kong nagpapatakbo ng negosyo ang pamilya mo. Kung gagalitin mo ako, iuulat kita na nananampalataya ka sa diyos, at babagsak ang negosyo mo! Kung ganoon ay hindi ka na makapaghahandog ng kahit isang sentimo!” Tingnan mo, gusto na naman niyang mag-ulat ng mga tao. Sa tuwing hindi siya nasasabihan ng tungkol sa isang maliit na bagay, gusto niyang iulat ang iglesia at ang mga kapatid. Ang tirahan ng partikular na mga indibidwal na gumagawa ng mahahalagang tungkulin ay alam lang ng iilang tao. Hindi ito tungkol sa sadyang pagtatago ng anumang bagay mula sa kaninuman o paggawa ng anumang kahina-hinalang bagay sa likod ng ibang tao; ito ay dahil sa napakamapanganib ng kapaligiran, at para sa mga kadahilanang pangkaligtasan, ang gayong mga pagsasaayos ay kinakailangan. Kapag narinig ng traydor na ito, ng Hudas na ito, na ang isang partikular na pamilya ay nagpapatuloy sa ilang naglalakbay na kapatid, iniisip niya na nararapat itong iulat—baka gantimpalaan pa nga siya ng pulisya! Nagtatago siya sa likod ng pinto at lihim na nakikinig, at pagkatapos marinig ang isang bagay, nagagalit siya: “Pinag-uusapan ninyo ang mga usapin ng iglesia sa likod ko nang hindi sinasabi sa akin. Natatakot kayong ipagkakanulo ko kayo, kaya’t nagbabantay kayo laban sa akin at itinatago ang mga bagay-bagay mula sa akin, hindi ako tinatrato bilang bahagi ng sambahayan ng diyos. Sige, iuulat ko kayo!” Muli, tingnan mo, gusto niyang iulat ang iba. Masasabi mo bang isang malaking problema ang taong ito? (Oo.) Naniniwala siya na ang lahat ng sitwasyong may kinalaman sa mga kapatid o sa iglesia ay dapat ipaalam sa lahat, at na ang lahat ay may karapatang malaman—lalo na ang sarili niya. Kung may kahit isang bagay na hindi sinabi sa kanya, nagbabanta siyang iuulat ang mga tao. Palagi niyang ginagamit ang akto ng pag-uulat para bantaan ang mga kapatid at mga lider ng iglesia, palaging ginagamit ito para makamit ang sarili niyang mga layon. Ang ganitong mga tao ay isang malaking natatagong panganib sa iglesia, isang bombang nakatakdang sumabog. Sa anumang oras, puwede silang

magdulot ng kapinsalaan at kapahamakan sa mga kapatid at sa gawain ng iglesia. Kapag natuklasan ang gayong mga indibidwal, dapat silang paalisin—hindi sila dapat bigyang-layaw.

Sa iglesia, may ilang tao rin na mga Hudas, at palagi nilang sinusubukang magtanong tungkol sa kung magkano ang perang mayroon ang sambahayan ng Diyos at kung sino sa iglesia ang may pinakamalalaking handog. Sinasabi ng iba sa kanila, “Hindi puwedeng sabihin sa iyo ang usaping ito. Hindi magiging kapaki-pakinabang sa iyo ang malaman ito, at bukod pa rito, ang usaping ito ay hindi isang bagay na dapat mong itinatanong.” Pagkarinig nito, nagiging mapanlaban sila at sinasabing, “Lahat kayo ay nagbabantay laban sa akin, minamaliit ako, hindi ako tinatrato bilang isa sa mga kapatid; tinatrato ninyo ako na parang isang tagalabas. Alam ko kung kaninong bahay iniingatan ang pera ng iglesia. Iuulat ko kayo, at hahayaan kong kumpiskahin itong lahat ng pulisya—pagkatapos ay malalaman ko kung magkano ang perang mayroon!” Sa tuwing may nangyayari, gusto nilang ipagkanulo o iulat ang iba; pagdating lang sa mga kaguluhang idinulot ng mga huwad na lider, mga anticristo, at masasamang tao sa iglesia na hindi sila kailanman nag-uulat ng anuman. O, kahit kapag nakikita nila ang mga huwad na lider at anticristo na nagnanakaw o nangangamkam ng mga handog, hindi nila kailanman inilalantad o inuulat ang mga pagkilos na ito, ni hindi nila ito ipinaaalam sa sambahayan ng Diyos. Wala silang pakialam sa gayong mga usapin. Pero kung may sinumang kapatid ang gumagalit, nagpapasama ng loob, o nang-iinsulto sa kanila, aalis sila para iulat ito. O kung may ilang pagsasaayos ng gawain sa sambahayan ng Diyos na hindi naaayon sa mga kuru-kuro nila, na nagdudulot sa kanila ng kahihiyan o naglalagay sa kanila sa mahirap na sitwasyon, nagsisimula silang mag-isip: “Iuulat kita! Sisiguraduhin kong mawawala sa iyo ang posisyon bilang lider ng iglesia, sisiguraduhin kong mabibigo ang gawain ng iglesia, sisiguraduhin kong babagsak ang iglesia!” Kita ninyo? Gusto nilang iulat ang lider ng iglesia kahit dahil dito. Sa ilang iglesia, napipili ang ilang tao na angkop sa paggawa ng tungkulin sa ibang bansa—pinahihintulutan ito ng mga pampamilya at pang-personal na kalagayan nila, natutugunan nila ang mga kinakailangan ng sambahayan ng Diyos, at sumasang-ayon ang lahat ng kapatid. Kapag nakikita ito ng mga taong iyon na mga Hudas, iniisip nilang, “Hindi kailanman nangyayari sa akin ang gayong magagandang bagay. Dapat ko kayong iulat! Sasabihin ko sa pulisya na may partikular na mga tao sa aming iglesia ang pupunta sa ibang bansa para gawin ang tungkulin nila. Sisiguraduhin kong hindi kayo makakaalis ng bansa. Ipaaaresto ko kayo sa malaking pulang dragon, o ipasasailalim ko kayo sa pagmamatyag ng gobyerno, para hindi man lang kayo makauwi sa inyong bahay!” Basta’t hindi makaalis ng bansa ang mga kapatid, nasisiyahan sila. Ano sa tingin ninyo—hindi ba’t mas malala pa ang kalikasan ng mga kilos ng gayong mga tao kaysa sa yaong mga minsanang nanggugulo at nanggagambala? (Oo.) Ang ganitong uri ng tao ay isang malaking problema. Wala silang may-takot-sa-Diyos na puso, at hindi talaga sila natatakot sa Diyos. Anuman ang sitwasyon o dahilan, basta’t hindi naaayon sa kagustuhan nila ang mga bagay-bagay,

gusto nilang iulat ang iglesia at ipagkanulo ang mga kapatid—mga diyablo sila! Kapag natutuklasan ng iglesia ang gayong mga tao, dapat paalisin o patalsikin ang mga ito sa lalong madaling panahon para maiwasan ang problema sa hinaharap. Kung hindi ito pinahihintulutan ng kasalukuyang kapaligiran o kung hindi pa angkop ang mga kondisyon, dapat silang mahigpit na matyagan, pangasiwaan, at bantayan. Kapag pinahihintulutan ng mga kondisyon, ang mapapanganib na indibidwal na tulad nito ay dapat talagang hindi pagtimpian—paalisin o patalsikin sila nang maaga at sa lalong madaling panahon. Huwag hintayin hanggang ipagkanulo nila ang iglesia at magdulot ng mga kahihinatnan bago kumilos. Kapag ginawa nila ito at humantong ito sa mga tunay na kahihinatnan, magiging malaki ang mga kawalan. Sino ang nakakaalam kung ilang kapatid ang mawawalan ng tahanang mababalikan, o maaaresto at makukulong pa nga. Maraming kapatid ang maaaring hindi na magawa ang tungkulin nila o makapamuhay ng buhay iglesia. Magiging hindi lubos maisip ang mga kahihinatnan. Kaya, kung, bilang mga lider at manggagawa, matutuklasan ninyo ang mga tao na mga Hudas sa iglesia, dapat ninyo silang paalisin o patalsikin sa maagap na paraan. Kung, bilang isa sa mga kapatid, matutuklasan mo ang gayong mga tao, dapat mong iulat ang mga ito sa mga lider at manggagawa ng iglesia sa lalong madaling panahon. Ang usaping ito ay may kinalaman sa seguridad ng mga kapatid sa iglesia, pati na rin sa seguridad mo. Huwag isiping, “Hindi pa naman talaga sila nakagagawa ng anumang pagkakanulo, kaya hindi ito isang malaking usapin; nagsasalita lang sila dala ng kasalukuyang galit.” Nagagalit ang lahat—may ilang tao, kapag galit, ay puwedeng makapagsabi ng ilang masakit na salita, bahagyang magmaktol, o maging negatibo nang ilang araw, pero hangga’t mayroon silang may-takot-sa-Diyos na puso, natatakot sa Diyos sa puso nila, at may kaunting konsensiya at katwiran, pati na rin ng ilang pangunahing limitasyon sa pag-asal, hindi sila kailanman gagawa ng mga bagay na makapipinsala sa iba, anuman ang mangyari. Gayumpaman, iba ito para sa iyong mga likas na Hudas. Kaya nilang iulat ang iglesia at ang mga kapatid agad-agad nang walang pag-aalinlangan, palaging gustong gamitin ang mga puwersa ni Satanas para bantaan ang mga kapatid at ang iglesia para makamit ang mga layon nila. Ang mga taong ito ay kaalyado ng masasamang demonyo—wala silang mga batayang limitasyon pagdating sa pag-asal. Kaya, dapat maging lalong mapagbantay kapwa ang mga lider ng iglesia at ang mga kapatid hinggil sa mga may kakayahang iulat ang iglesia agad-agad nang walang pag-aalinlangan. Kung may sinumang makatutuklas sa gayong mga tao na hindi makatwiran, sadyang mapanggulo, at hindi tinatablan ng katwiran, dapat kaagad niyang iulat ang mga ito sa mga lider at manggagawa, at pagkatapos ay obserbahan at pangasiwaan ang mga ito. Kung matutuklasan ng mga lider ng iglesia ang gayong mga tao, dapat magkaroon sila ng isang plano para pangasiwaan at lutasin ang sitwasyon sa lalong madaling panahon. Dapat nilang protektahan ang mga kapatid, at protektahan ang buhay iglesia at ang gawain ng iglesia mula sa pamiminsala at panggugulo ng gayong mga indibidwal. Huwag ipagpalagay na kapag sinabi ng gayong mga tao na iuulat nila ang iglesia o ang

mga kapatid na, isang bagay lang ito na nasabi dala ng galit noong sandaling iyon, at kaya hindi ka na mag-iingat laban sa kanila. Sa totoo lang, ang katunayang madalas nilang sinasabi ang gayong mga bagay ay nagpapatunay na ang ideyang ito ay nasa isipan na nila. Kung ganito sila mag-isip, kaya nilang isagawa ito. Minsan, matapos sabihing “Iuulat kita,” puwedeng hindi nila ito gawin, pero sino ang nakakaalam kung kailan talaga nila puwedeng ituloy na gawin ito. Kapag ginawa nila ito, magiging hindi lubos maisip ang mga kahihinatnan. Kaya, kung palagi mong tinatrato ang mga salita nilang “iuulat kita,” bilang isang bagay na nasabi lang dala ng galit, mangmang at hangal ka. Nabigo kang kilatisin ang diwa ng kanilang pagkatao sa pamamagitan ng mga salitang ito, at ito ay isang pagkakamali. Puwede nilang sabihing “iuulat kita” para bantaan ang iba agad-agad nang walang pag-aalinlangan—ito ay ganap na hindi isang simpleng galit na pahayag; ipinapakita nito na mayroon silang kalikasan ni Hudas at wala silang mga batayang limitasyon pagdating sa pag-asal. Anong uri ba ng buhong ang isang tao na walang batayang limitasyon pagdating sa pag-asal niya? Ang uri na walang konsensiya at walang pagkamakatwiran. Kapag walang konsensiya, kaya nilang gumawa ng anumang masamang gawa, at kapag walang pagkamakatwiran, kaya nilang kumilos nang lampas sa mga hangganan ng pagkamakatwiran, ginagawa ang lahat ng uri ng kahangalan. Posibleng pagkatapos iulat ang iglesia at makitang inaresto ang mga kapatid at nasira ang gawain ng iglesia, puwede silang lumuha at magpahayag ng pagsisisi. Pero ang mga hindi makatwiran at sutil na mapanggulong mga taong ito ay kumikilos nang walang pagkamakatwiran; kapag nahaharap sa isang katulad na sitwasyon sa hinaharap, iuulat pa rin nila ang iglesia. Hindi ba’t ipinakikita nito ang isang problema sa kanilang kalikasan? Ito mismo ang kalikasang diwa nila. May ilang lider ng iglesia ang naniniwala pa rin na ang sinasabi nila ay isang bagay lang na nasabi sa isang sandali ng pagkagalit, at na hindi masama ang kalikasan nila. Akala ng mga ito na hindi ito isang natural na pagbubunyag ng pagkatao nila at hindi kumakatawan sa pagkatao nila. Mali ba ang pananaw na ito? (Oo.) Kahit hindi sila karaniwang nagpapakita ng pag-uugali na ubod ng samang karakter, ang katunayang madalas nilang sinasabi na iuulat nila ang mga kapatid, at na ang kaliit-liitang bagay na makapagpapasama ng loob nila ay puwedeng mag-udyok sa kanila para isiping iulat ang mga ito, ay sapat na para patunayang mababa at ubod ng sama ang karakter nila, at na hindi sila mapagkakatiwalaan. Ang gayong mga tao ay walang konsensiya o katwiran. Kumikilos sila paano man nila gustuhin, ginagawa ang anumang gustuhin nila batay sa sarili nilang mga interes at kagustuhan, nang walang anumang mga limitasyon ng konsensiya. Ang gayong mga tao ay dapat pangasiwaan sa pamamagitan ng pagpapaalis, at hindi sila kailangang pakitaan ng kaluwagan, dahil hindi sila mga bata; mga nasa hustong gulang sila at dapat na alam nila ang mga kahihinatnan ng pag-uulat nila ukol sa mga kapatid at sa iglesia. Alam na alam nilang ito ang pinakamalupit na hakbang, ang pinakaepektibong hakbang. Nakikita nila ito bilang kanilang alas, ang pinakamainam na paraan para maghiganti sa mga kapatid at sa iglesia. Sabihin mo sa Akin, hindi

ba't masasamang diyablo ang gayong mga tao? (Oo.) Kaya bakit magpapakita ng kaluwagan sa masasamang diyablo? Kailangan mo pa bang hintayin na makita silang hayagang itinuturo sa malaking pulang dragon ang mga kapatid at ang mga pamilyang nagpapatuloy bago mo kilalanin na mga Hudas sila? Sa oras na makita mo ang mga katunayang ito at matukoy ang mga ito, magiging sobrang huli na. Sa katunayan, nalantad na ang kalikasang diwa nila sa sandaling nagsimula silang magsisigaw tungkol sa pag-uulat sa iglesia kapag nahaharap sila sa ilang isyu. Huwag hintaying kumilos sila para kilatisin at paalisin sila—magiging sobrang huli na iyon. Kung walang sinuman—maging lider ng iglesia o kapatid—ang nakarinig sa kanilang magsalita tungkol sa pag-uulat ukol sa mga kapatid at walang sinuman ang nakakikilala sa kanila nang mabuti, at kapag napukaw ang galit o napasama ang loob nila ng isang tao ay iniuulat nila ito, kaya walang magawa ang mga kapatid kundi ang magtago at umiwas sa panganib, at ang ilan na gumagawa ng tungkulin nila ay kailangang mabilis na lumipat ng lugar, kung ganoon, sa gayong sitwasyon, hindi mo masisisi ang mga kapatid sa pagiging hangal at hindi makakilatis sa kanila. Pero kung madalas nilang sinasabi na iuulat nila ang mga kapatid at hindi pa rin sila sineseryoso ng mga kapatid, magiging tunay na kahangalan iyon. Pagkarinig ng napakaraming katotohanan, hindi pa rin nila makilatis ang mga tao—hindi ba't magulo ang isip nila? (Oo.) Para sa iyong mga puwedeng maging isang Hudas anumang oras, huwag isiping ang pagkakanulo nila ay dahil sa pagkakaunawa nila nang kaunti sa katotohanan, o dahil nanampalataya sila sa Diyos sa loob ng maikling panahon, o dahil sa iba pang dahilan. Wala sa mga ito ang dahilan. Sa ugat nito, ito ay dahil ubod ng sama ang karakter nila; sa kaibuturan nila, ang diwa nila ay sa masasamang tao. Ang pagkilatis at pagtukoy sa kanila nang ganito, at pagkatapos ay pagpapaalis sa kanila o pagpapatalsik sa kanila bilang masasamang tao, ay ganap na tama. Ang paggawa nito ay nagpoprotekta sa mga kapatid, at kasabay nito ay nagpoprotekta rin ito sa gawain ng iglesia mula sa pagkapinsala. Responsabilidad ito ng mga lider at manggagawa ng iglesia. Samakatwid, dapat na agad na magbantay ang mga lider at manggagawa laban sa gayong mga tao at pangasiwaan ang mga ito, at pagkatapos ay dapat silang makipagbahaginan sa mga kapatid para makilatis ang mga ito ng lahat. Dapat silang magsikap na paalisin ang gayong mga tao bago magtagumpay ang mga pakana ng mga ito, para maiwasan ang anumang problema para sa mga kapatid o sa iglesia. Ito ang pagkilatis at ang mga prinsipyo ng pangangasiwa sa mga usapin na dapat mayroon ang mga lider at manggagawa kapag nahaharap sa gayong mga tao, at ganito sila dapat magsagawa sa gayong mga sitwasyon. Malinaw ba ito? (Oo.) Siyempre, pinakamainam na pangasiwaan ang gayong mga tao sa isang matalinong paraan, tinitiyak na ang pagpapaalis sa kanila ay hindi magdudulot ng problema sa iglesia sa hinaharap. Kung ang pangangasiwa sa isang natatagong banta ay hahantong sa mas marami pa kalaunan, ang lider ng iglesia na gumagawa nito ay labis na walang kakayahan at napakalayo sa pamantayan; hindi niya alam kung paano gawin ang gawain, at wala siyang karunungan. Sa kabilang banda, kung kayang pangasiwaan ng isang lider ng iglesia ang natatagong

banta sa isang paraan na maiiwasan ang masasamang kahihinatnan, makikinabang ang gawain ng iglesia, at makatutulong din sa mga kapatid na lumago sa pagkilatis, iyon ay tunay na pagkaalam kung paano gawin ang gawain. Ang ganitong uri ng lider o manggagawa lang ang pasok sa pamantayan.

Kung makakatagpo ang isang lider o manggagawa ng mga taong kayang ipagkanulo ang iglesia pero hindi niya makilatis o maramdaman kung anong uri ng pagkatao mayroon ang mga ito o kung anong uri ng problema ang maidudulot ng mga ito sa iglesia at sa mga kapatid, hindi malinaw sa puso niya ang tungkol sa lahat ng bagay na ito, at hindi niya alam kung paano niya dapat tratuhin o pangasiwaan ang ganitong mga tao, kung paano gawin ang gawaing ito, o maging kung ito ba ay gawaing dapat gawin ng mga lider at manggagawa—o, kahit alam pa niya pero ayaw niyang salungatin ang gayong mga tao at sadyang nagbubulag-bulagan sa usaping ito, nang hindi pinapaalis o pinatatalsik ang mga ito—anong uri ng lider o manggagawa iyon? (Isang huwad na lider o manggagawa.) Hindi siya pasok sa pamantayan bilang isang lider o manggagawa. Sa isang banda, hangal niyang sinusubukang tulungan ang lahat, nagpapakita ng pagmamahal at pasensya sa lahat, at tinatrato silang lahat bilang mga kapatid. Ito ay isang tao na may magulong isipan, isang huwad na lider o huwad na manggagawa. Bukod pa rito, kapag natutuklasan niya ang mga tao na mga Hudas sa iglesia, wala siyang ginagawa para kaagad na pangasiwaan o lutasin ang isyu. Sa halip, nagbubulag-bulagan siya, nagkukunwaring walang napapansing anuman. Sa puso niya, iniisip niyang, “Basta’t hindi nalalagay sa panganib ang sarili kong katayuan, ayos na. Wala akong pakialam sa gawain ng iglesia, sa seguridad ng mga kapatid, o sa mga interes ng sambahayan ng diyos. Basta’t okupado ko ang posisyong ito at nakararanas ako ng kasiyahan araw-araw, iyon lang ang kailangan ko.” Wala siyang ginagawang anumang tunay na gawain, at kapag nakakakita siya ng mga problema, hindi niya nilulutas ang mga ito; tinatamasa lang niya ang mga pakinabang ng katayuan niya. Huwad na lider ba ito? (Oo.) Halimbawa, sabihin nating may isang uri ng tao na kayang magkanulo anumang oras na naghahari-harian sa iglesia sa loob ng mahabang panahon, palaging nagbabantang iuulat ang iglesia at ang mga kapatid. Nakikita ito ng ilang huwad na lider pero wala silang ginagawa. Kahit pa may mag-ulat sa indibidwal na ito at pinangasiwaan ito ng mga nakatataas na lider sa pamamagitan ng pagpapaalis dito, hindi pa rin ito sineseryoso o pinag-iisipan ng mga huwad na lider. Iniisip nila, “Hayaan silang iulat kung sinumang gustuhin nila. Basta’t hindi nila ako inuulat o hindi ito nakaaapekto sa papel ko bilang isang lider ng iglesia, ayos lang.” Ang ganitong uri ng lider o manggagawa ba ay isang huwad na lider o manggagawa? (Oo.) Inookupa lang niya ang posisyon niya para tamasahin ang mga kapakinabangan nito nang walang ginagawang anumang tunay na gawain, napapansin ang isang taong kayang ipagkanulo ang mga kapatid anumang oras pero nabibigong paalisin o patalsikin ito—siya ay isang huwad na lider, at dapat kaagad na tanggalin sa kanyang tungkulin. May ilang huwad na lider, matapos matanggal, ang nananatiling palaban. Sinasabi nila, “Anong karapatan ninyong tanggalin ako? Dahil

lang ba sa hindi ko pinaalis ang taong iyon? Hindi ba matatapos ang isyu kung kayo na lang mismo ang nagtanggal sa kanya? Bukod pa rito, sinabi lang niya na iuulat niya ang mga kapatid, hindi naman niya talaga ito ginawa. At wala naman siyang idinulot na anumang kaguluhan sa iglesia. Bakit siya pangangasiwaan?" Pakiramdam pa nga nila na sobrang naagrabyado sila. Wala silang ginagawang anumang tunay na gawain; tinatamasa lang nila ang mga pakinabang ng katayuan nila, at kapag may lumilitaw na halatang Hudas sa iglesia, hindi nila ito pinangangasiwaan o pinapaalis. May ilang kapatid ang palaging natatakot, sinasabing, "May Hudas sa atin, palaging nagbabantang iuulat ang mga kapatid—napakamapanganib nito! Kailan papaalisin ang taong ito?" Paulit-ulit nilang sinasabi ang isyung ito sa lider ng iglesia, pero hindi ito hinaharap ng lider, sa halip ay sinasabing, "Wala iyon. Isa lang itong personal na alitan, wala itong kinalaman sa gawain ng iglesia o sa seguridad ng mga kapatid." Hindi nila pinangangasiwaan ang usapin. Ano ang tanging gawaing ginagawa nila? Ang isang uri ay ang gawaing itinalaga sa kanila ng mga nakatataas na lider, na wala silang magagawa kundi ang gawin ito. Ang isa pa ay ang uri kung saan ang hindi paggawa sa gawain ay makakaapekto o makapaglalagay sa panganib sa kanilang katayuan, sa gayong kaso ay may pag-aatubili nilang ginagawa ang ilang gampanin na nagpapaganda sa imahe nila. Pero kung hindi apektado ang katayuan nila, iniiwasan nila ang gawain hangga't kaya nila. Isa ba itong huwad na lider? (Oo.) Kapag talagang nahaharap sa isang partikular na kapaligiran o sa pagkakaaresto, sila ang unang tumatakbo para magtago, iniisip lang ang sarili nilang seguridad, walang pakialam kung ligtas ba ang mga kapatid, at hindi nila pinoprotektahan ang gawain ng iglesia o ang mga interes ng sambahayan ng Diyos. Anuman ang ginagawa nila, ang lahat ng ito ay para lang mapanatili ang sarili nilang katayuan. Basta't hindi sila tinatanggal ng ang Itaas, at basta't iboboto pa rin sila ng mga kapatid sa susunod na halalan at mananatili silang lider, may pag-aatubili nilang gagawin ang ilang gawain. Kung may ginagawa sila na puwedeng makaapekto sa kung paano sila nakikita ng ang Itaas, na puwedeng magdulot sa ang Itaas na tanggalin sila, o kung ang mga kilos at pagpapamalas nila ay makapagdudulot na magkaroon ng masamang impresyon sa kanila ang mga kapatid at hindi na sila muling ihalal, susubukan nilang isalba ang imahe nila sa pamamagitan ng paggawa ng kahit kaunting gawain na mismong nasa harap na nila. Sa ganitong paraan, makapagpapaliwanag sila sa mga nasa itaas at ibaba nila—sa Diyos lang sila hindi makapagpapaliwanag. Pagpapakitang-tao lang ang lahat ng ginagawa nila. Hangga't hindi sila tinatanggal ng mga nakatataas na lider, at patuloy silang sinusuportahan ng mga kapatid, nakokontento na sila. Sa panahon ng panunungkulan nila bilang lider ng iglesia, hindi sila gumagawa ng malaking kasamaan, at sa panlabas ay tila palagi silang abala sa gawain, pero wala silang anumang ginagawang tunay na gawain. Lalo na kapag nakikita nila ang masasamang tao na gumugulo sa iglesia, wala silang ginagawa. Takot silang mapasama ang loob ng masasamang taong ito, kaya't sinusubukan nilang mapahinahon ang mga ito at makipagkasundo sa mga ito hangga't maaari, hinahangad lang na mapanatili ang pagkakasundo. Ayaw nilang salungatin ang

sinuman; kahit pa ginugulo ng mga taong ito ang gawain ng iglesia o pinagbabantaan ang seguridad ng mga kapatid, wala silang ginagawa. Ito ay isang huwad na lider sa pinakatunay na kahulugan ng salita.

Para sa mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain, kung paulit-ulit silang pinapaalalahanan ng mga kapatid, hinihingi sa kanilang lutasin ang mga problema, at wala pa rin silang ginagawang tunay na gawain, hindi nilulutas ang mga tunay na problema, at hindi itinatama ang mga pagkakamali, dapat ninyo itong iulat pataas. Kung hindi tinutugunan ng mga nakatataas na lider at manggagawa ang isyu, dapat kayong mag-isip ng anumang posibleng paraan para tanggalin ang mga huwad na lider na ito. Sa katunayan, nasabi Ko na ang mga salitang ito sa loob ng maraming taon, pero karamihan sa mga tao sa ibaba ay mga alipin na mas pipiliing magdusa ng kaunting personal na kawalan at magtiis ng kaunting pinsala kaysa sumalungat ng iba. Anuman ang sitwasyon, sila ay palaging walang pinipiling panig at kumikilos bilang mga mapagpalugod ng mga tao, hinding-hindi sumasalungat sa kaninuman. Ano ang kapalit ng hindi pagsalungat sa mga tao? Ito ay ang pagsasakripisyo sa gawain at mga interes ng sambahayan ng Diyos, na nagdudulot sa pagkapinsala ng mga interes ng sambahayan ng Diyos at panggugulo sa mga kapatid. Kung hindi mapapangasiwaan ang masasamang tao, marami sa mga gumagawa ng tungkulin nila ang maaapektuhan. Hindi ba't katumbas ito ng pagiging apektado ng gawain ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Kapag naapektuhan ang gawain ng sambahayan ng Diyos, walang sinuman ang nakararamdam ng pagkabalisa o pag-aalala, kaya't sinasabi Ko na karamihan sa mga tao ay nagsasakripisyo sa gawain at sa mga interes ng sambahayan ng Diyos para mapanatili ang pagkakasundo at magandang pakikisama sa iba. Iniiwasan nilang salungatin ang mga lider at ang mga kapatid; wala silang sinasalungat na sinuman. Ang lahat ay umaasta bilang mga mapagpalugod ng mga tao. Ang pag-iisip nila ay: "Mabuti ka, mabuti ako, mabuti ang lahat—kung tutuusin, palagi nating nakikita ang isa't isa." At ano ang resulta? Pinahihintulutan nito ang masasamang tao na samantalahin ang sitwasyon; paulit-ulit silang naghahari-harian, ginagawa ang anumang gustuhin nila. Kaya, kung ang mga lider ng iglesia ay hindi maaasahan at hindi inaalis ang masasamang tao, dapat mag-isip ang mga kapatid ng anumang posibleng paraan para protektahan ang sarili nila; dapat nilang iwasan, layuan, at ibukod ang masasamang tao kapag nakikita nila ang mga ito. Sinasabi ng ilang tao na, "Kung ibubukod natin sila at nagalit sila, hindi ba't iuulat nila ulit tayo?" Kung talagang iniulat nila kayo, matatakot ka ba? (Hindi. Ibubunyag sila nito bilang masasamang tao.) Kung iniulat ka nilang muli, lalo lang nitong pinatutunayan na sila ay mga likas na Hudas, masasamang diyablo. Hindi ka dapat matakot sa kanila. Kung ang mga lider at manggagawa ay bulag at hindi nakakikilatis ng mga bagay-bagay, magulo ang isipan, at walang silbi, o kung sila ay hindi nakapagpapasya, hindi sumasalungat sa sinuman, nagpapasasa lang sa mga pakinabang ng kanilang katayuan nang hindi gumagawa ng tunay na gawain, hindi na sila dapat asahan ng mga kapatid. Dapat magkaisa ang mga kapatid para pangasiwaan ang masasamang tao at alisin ang

mga Hudas ayon sa mga prinsipyo. Maaaring kailanganin nilang baguhin ang lugar ng pagtitipon o gumamit ng isang matalinong paraan para alisin ang mga ito at maiwasang mabagabag ng mga taong ito. Ang pagtitiyak sa normal na paggana ng buhay iglesia at normal na pag-usad ng lahat ng gawain sa iglesia ay ang pinakamahalagang bagay. Kung ang isang lider ng iglesia ay gumagawa ng tunay na gawain, may sapat na kakayahan, at talagang mabuti rin ang kanyang pagkatao, basta't isinasagawa niya ang gawain niya nang naaayon sa mga pagsasaayos ng gawain, dapat siyang sundin ng lahat. Kung hindi siya gumagawa ng tunay na gawain, hindi siya dapat pakitunguhan o asahan. Sa panahong iyon, ang mga problema ay dapat lutasin nang naaayon sa mga salita ng Diyos at sa mga katotohanang prinsipyo. Kung kailangan tanggalin ang lider, dapat siyang tanggalin; kung kinakailangang ulitin ang halalan, isagawa ito. Kung hindi pinoprotektahan ng huwad na lider na ito ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, hindi tinitiyak ang seguridad ng kapaligiran kung saan ginagawa ng mga kapatid ang kanilang tungkulin, at walang pakialam sa seguridad ng mga kapatid, hindi siya pasok sa pamantayan; siya ay walang kakayahan, isang malaking piraso lang ng basurang walang silbi—hindi dapat makinig ang mga kapatid sa kanya o magpapigil sa kanya. Ang sinumang mga lider at manggagawa na hindi kayang alisin ang mga Hudas sa tuwing kinakailangan ay mga huwad na lider at huwad na manggagawa; ang gayong mga huwad na lider at huwad na manggagawa ay dapat pangasiwaan sa paraang inilarawan sa itaas. Kung hindi sila kaagad na haharapin, ang lahat ng kapatid ay ipagkakanulo ng mga Hudas, at titigil ang iglesia sa pag-iral. Dito nagtatapos ang ating pagbabahaginan tungkol sa ikawalong pagpapamalas: "Ang pagkakaroon ng kakayahang magkanulo anumang oras."

I. Pagkakaroon ng Kakayahang Umalis Anumang Oras

Ang ikasiyam na pagpapamalas ay ang: "Pagkakaroon ng kakayahang umalis anumang oras." Ang ganitong uri ng tao na kayang iwan ang sambahayan ng Diyos anumang oras ay hindi isang tao na umaalis lang kapag nahaharap siya sa isang espesyal na sitwasyon, o kapag nakararanas siya ng isang malaking sakuna na lampas sa kayang tiisin ng isang karaniwang tao, na higit sa kanyang limitasyon. Sa halip, kaya niyang umalis anumang oras—kahit ang isang maliit na usapin ay puwedeng maging dahilan para umalis siya; kahit ang isang maliit na usapin ay puwedeng magdulot sa kanya na umayaw na sa paggawa ng tungkulin niya, na umayaw nang manampalataya sa Diyos, at na gustuhing iwan ang sambahayan ng Diyos. Malaking problema rin ang ganitong uri ng tao. Sa panlabas, puwedeng mukhang medyo mas mabuti siya kaysa sa mga tao na mga Hudas, pero kaya niyang iwan ang sambahayan ng Diyos anumang oras at saanmang lugar. Kung kaya ba niya o hindi na ipagkanulo ang mga kapatid ay hindi tiyak. Sa tingin ba ninyo ay maaasahan ang ganitong uri ng tao? (Hindi.) Kung gayon, may mga prinsipyo ba siya sa kung paano siya umasal? May pundasyon ba siya sa pananampalataya sa Diyos? (Wala.) Nagpapakita ba siya ng anumang palatandaan

ng tunay na pananampalataya? (Wala.) Kung ganoon, anong uri ng tao siya? (Isang hindi mananampalataya.) Nananampalataya siya sa Diyos at ginagawa ang tungkulin niya na parang biro lang ang lahat ng ito. Para siyang isang tao na hindi gumagawa ng mga tamang gampanin, lumalabas para bumili ng toyo, na nakakakita sa kalye ng mga akrobat o tagapagtanghal na lumilikha ng masiglang eksena at nadadala sa kasiglahan at nakalilimutan ang tungkol sa pagbili ng toyo, nauuwi sa pagkaantala ng mga nararapat na usapin. Ang ganitong uri ng mga tao ay hindi nananatili sa anumang bagay nang matagal; hindi buo ang loob nila at salawahan sila. Ang pananampalataya nila sa Diyos ay nakabatay rin sa interes nila—pakiramdam nila na napakasayang manampalataya sa Diyos, pero sa sandaling mawala ang interes nila dito, aalis sila kaagad nang walang pag-aatubili. May ilang umaalis na agad pumapasok sa pagnenegosyo, may ilang naghahangad sa landas ng isang opisyal na karera, may ilang nasasangkot sa mga romantikong relasyon at naghahanda para sa pagpapakasal, at may ilang gustong mabilis na yumaman ang dumidiretso sa casino. Sinasabi ng mga tao na pagkatapos na hindi mo nakita ang isang tao sa loob ng tatlong araw, dapat tingnan ito nang may panibagong pagtingin. Para sa isang taong kayang iwan ang sambahayan ng Diyos anumang oras, kung hindi mo siya makikita sa loob lang ng isang araw, kapag nakita mo siyang muli, parang ganap na ibang tao na siya. Kahapon, nakasuot pa siya nang maayos at disente, mukhang may mabuting asal at presentable. Nagdasal pa nga siya sa Diyos nang may mga luhang tumutulo sa kanyang mukha, sinasabing gusto niyang ialay ang kanyang kabataan at buhay para sa Diyos, na mamatay para sa Diyos, na maging tapat hanggang kamatayan, at na makapasok sa kaharian. Sumigaw siya ng gayong matatayog na islogan, pero hindi nagtagal, pumunta siya sa casino. Kahapon, masaya niyang ginawa ang tungkulin niya, at sa pagtitipon, binasa niya ang mga salita ng Diyos nang may liwanag sa kanyang mukha at nag-uumapaw sa kasiglahan, naantig hanggang sa puntong napahagulgol siya. Kung gayon ay paanong tumakbo siya patungo sa casino ngayon? Nagsugal siya hanggang sa kalaliman ng gabi nang hindi gustong umuwi, lubos na nagsasaya at nag-uumapaw sa kasiglahan. Kahapon, dumadalo pa siya sa mga pagtitipon, pero ngayon, tumakbo siya tungo sa casino—kaya, aling pagpapamalas ba ang tunay na siya? (Ang huli ang tunay na siya.) Kung hindi nauunawaan ng isang tao ang katotohanan, talagang hindi niya makikilatis kung ano ba talaga ang taong ito. Ang dalawang pagpapamalas, kapwa ang bago at pagkatapos, ay aktuwal na ipinakita ng parehong tao—kaya paanong parang ipinakikita ito ng dalawang magkaibang tao? Ang ganitong tao ay hindi makikilatis ng karamihan. Nakikita mo na bilang isang mananampalataya sa Diyos, madalas siyang dumadalo sa mga pagtitipon, hindi gumagawa ng kasamaan, at lubos na kayang tiisin ang paghihirap at magbayad ng halaga sa pagtupad ng kanyang tungkulin. Kapag nakaupo sa harap ng kompyuter, nakatuon at masipag siya, nagtatrabaho nang husto at isinasapuso ito. Maiisip mo na bilang isang tao na nananampalataya sa Diyos, hindi siya dapat naglalaro ng Mahjong, tama? Pero pagkatapos lang ng isang araw na hindi mo siya nakikita, tumakbo na siya

sa bulwagan ng Mahjong o sa casino para magsugal. At nangungunang manlalaro siya ng Mahjong—hindi siya talaga mukhang isang taong nananampalataya sa Diyos! Napapaisip ka talaga sa kanya—isa ba siyang tao na nananampalataya sa Diyos o isang walang pananampalatayang naglalaro ng Mahjong? Paanong nakapagpapalit siya ng papel nang ganoon kabilis? Kapag nananampalataya siya sa Diyos, kung ganoon, nasa puso ba niya ang Diyos? (Hindi.) Nananampalataya siya sa Diyos para lang magsaya at magpalipas-oras, para makita kung tungkol saan ba ang pananampalataya sa Diyos at kung makapagdadala ba ito ng kaligayahan sa buhay niya. Kung hindi siya masaya, kaya niyang umalis anumang oras. Hindi niya kailanman pinlanong manampalataya buong buhay niya, at tiyak na hindi niya kailanman pinlano na gawin ang tungkulin niya at sumunod sa Diyos buong buhay niya. Kung gayon, ano ang pinlano niya? Sa isipan niya, kung talagang mananampalataya siya sa Diyos, kahit papaano ay hindi nito dapat hadlangan ang abilidad niyang magsaya, hindi dapat kasangkutan ng anumang gawain, at dapat magarantiya pa rin na makapamumuhay siya ng isang masayang buhay. Kung kailangan niyang magbasa ng mga salita ng Diyos at magbahagi tungkol sa katotohanan araw-araw, hindi siya magiging interesado o masaya. Kapag nagsawa na siya rito, iiwan niya ang iglesia at tatakbo pabalik sa mundo. Iniisip niyang, “Hindi madali ang buhay, kaya hindi dapat pahirapan ng mga tao ang sarili nila. Tayo dapat ang maging panginoon ng sarili nating kapalaran at huwag pahirapan ang ating katawan. Dapat nating tiyakin na masaya tayo araw-araw—iyon lang ang paraan para mabuhay nang malaya. Ang pananampalataya sa diyos ay hindi dapat gawin nang may pagmamatigas. Tingnan mo kung gaano ako kamapagwalang-bahala—kung saan may kaligayahan, doon ako nagpupunta. Kung hindi ako masaya, aalis ako. Bakit ko gagawing hindi komportable ang mga bagay-bagay para sa sarili ko? Ang pagkakaroon ng kakayahang umalis anumang oras ay ang pinakamataas na kredo ko kung paano ako umaasal, ang pagiging isang ‘mananampalatayang may malayang espiritu’—ang pamumuhay nang ganito ay napakakomportable at walang alalahanin!” Anong uri ng mga kanta ang madalas inaawit ng ganitong uri ng mga tao? “Huwag mong itanong sa akin kung saan ako nanggaling, malayo ang bayan ko.” Kung hindi, ano pa ang inaawit nila? “Bakit hindi mamuhay nang malaya kahit minsan lang?” Kapag nararamdaman nilang ito ay nakababagot o hindi na masaya, mabilis silang umaalis, iniisip nila, “Bakit mananatili sa iisang lugar kung napakaraming bagay pa ang makikita sa mundo?” Ano ang isa pang sikat na kasabihang ginagamit nila? “Bakit isusuko ang isang buong kagubatan para sa isang puno?” Ano sa palagay ninyo—ang ganitong uri ba ng mga tao ay may tunay na pananampalataya? (Wala, sila ay mga hindi mananampalataya.) Pagdating sa mga hindi mananampalataya, dahil pinag-uusapan natin ang tungkol sa kung paanong ang mga problema nila ay pawang mga problema ng pagkatao, kung gayon, ano ba talaga ang mali sa pagkatao ng gayong uri ng mga tao? Sa palagay ba ninyo ay isinasaalang-alang kailanman ng ganitong uri ng mga tao ang mga tanong tulad ng kung paano dapat umasal ang mga tao, anong landas ang dapat tahakin ng mga tao, o anong uri ng

pananaw sa buhay at mga pagpapahalaga mayroon dapat ang mga tao habang nabubuhay sila? (Hindi.) Kaya, ano ang problema sa pagkatao ng ganitong uri ng tao? (Ang ganitong uri ng tao ay walang konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao; hindi niya isinasaalang-alang ang gayong mga tanong.) Tiyak iyon. Dagdag pa rito, para maging tumpak, ang ganitong uri ng tao ay walang kaluluwa; isa lang siyang naglalakad na bangkay. Wala siyang sariling mga kahingian tungkol sa kung paano umasal o anong landas ang dapat tahakin ng isang tao, ni hindi niya iniisip ang mga bagay na ito. Ang dahilan kung bakit hindi niya iniisip ang mga bagay na ito ay dahil, bagaman may anyo siya ng isang tao sa panlabas, ang diwa niya ay talagang sa isang naglalakad na bangkay, isang hungkag na katawan. Ang ganitong uri ng tao ay may saloobing nagpapaanod lang sa agos ng buhay pagdating sa mga usapin ng buhay ng tao at pagpapanatiling buhay. Para maging partikular, ang “pagpapaanod sa agos ng buhay” ay nangangahulugang iniraraos lang ang bagay-bagay at naghihintay sa kamatayan, hindi natututo at nananatiling mangmang, ginugugol ang mga araw niya sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya. Nagpupunta siya saanman may kasiyahan, at anuman ang nagbibigay sa kanya ng kasiyahan at kagalakan, at kaginhawahan ng laman, iyon ang gagawin niya. Pero iiwasan at lalayuan niya ang anumang bagay na nagdudulot ng pagdurusa o panloob na pasakit sa kanyang laman; sadyang ayaw niyang magtiis ng paghihirap ang kanyang laman. Gayumpaman, may ilang tao na dumaranas sa buhay sa pamamagitan ng pagtitiis ng paghihirap. O, sa pamamagitan ng pagdaan at pagdanas ng iba’t ibang bagay, ginagawa nila ito para hindi maging hungkag ang kanilang buhay at may makamit sila mula rito. Sa huli, nabubuo nila ang isang kongklusyon tungkol sa kung anong landas ang dapat tahakin ng isang tao at kung anong uri ng tao dapat maging ang isang tao. Sa pamamagitan ng mga karanasan sa buhay, marami silang nakakamit. Sa isang banda, nakakikilatis sila ng ilang tao; bukod pa rito, nagagawa nilang makabuo ng kongklusyon kung anong mga prinsipyo at pamamaraan ang dapat gamitin ng isang tao sa pagtrato sa iba’t ibang tao, pangyayari, at bagay, at kung paano dapat mamuhay ang isang tao sa buong buhay nito. Umaayon man sa katotohanan o sumasalungat dito ang kongklusyon nila sa pinakahuli, kahit papaano, pinag-isipan nila ito. Sa kabilang banda, iyong mga kayang iwanan ang sambahayan ng Diyos anumang oras ay walang interes sa paghahangad sa katotohanan o sa paggawa ng tungkulin nila sa pananampalataya sa Diyos. Palagi silang naghahanap ng mga pagkakataon para tugunan ang sarili nilang mahahalay na pagnanasa at mga kagustuhan nila, at hindi kailanman gustong masigasig na matuto ng isang propesyonal na kasanayan sa paggawa ng kanilang tungkulin, gawin ang tungkulin nila nang maayos, o isabuhay ang isang makabuluhang buhay. Gusto lang nilang maging tulad ng mga walang pananampalataya, masaya at nagagalak araw-araw. Kaya, saanman sila magpunta, naghahanap sila ng kasiyahan at aliw, para lang matugunan ang sarili nilang mga interes at pagkamausisa. Kung kailangan nilang patuloy na gawin ang isang tungkulin, nawawalan sila ng interes at nawawalan na ng motibasyong patuloy na gawin ito. Para sa mga ganitong uri ng tao, ang saloobin nila sa buhay ay ang

basta makaraos lang. Sa panlabas, parang namumuhay sila nang napakalaya at walang inaalala, nang hindi pinapalaki ang mga bagay-bagay sa pakikitungo sa iba. Mukha silang masaya at walang inaalala araw-araw, nagagawang umangkop sa mga sitwasyon saanman sila magpunta. Ang ilan ay mukha pa ngang hindi apektado at hindi napipigilan ng mga makamundong kaugalian o mga nakagawian ng ugnayang pantao, na siyang nagbibigay ng panlabas na impresyon na sila ay ekstraordinaryo at mas nakatataas sa pangkaraniwang mga tao. Pero sa katunayan, ang diwa nila ay tulad ng sa isang naglalakad na bangkay, isang bagay na walang kaluluwa. Iyong mga nananampalataya sa Diyos pero kayang iwan ang iglesia anumang oras ay hindi kailanman nananatili sa anumang bagay na ginagawa nila nang matagal—nakapagpapanatili lang sila ng isang panandaliang sigasig. Pero iba ang mga taong may konsensiya at katwiran. Anuman ang tungkuling ginagawa nila, inaaral nila itong mabuti at sinisikap na gawin ito nang maayos. Nakapagsasakatuparan sila ng isang bagay at nakalilikha ng kaunting halaga. Sa isang banda, nakakamit nila ang pagkilala ng mga tao sa paligid nila, at kasabay nito, nakararamdam sila ng kumpiyansa sa kaibuturan nila, nakikitang kaya nilang gumawa ng isang bagay at na mga kapaki-pakinabang na tao sila, hindi mga taong walang silbi. Ito ang pinakamababang puwedeng kamtin ng isang tao na may konsensiya at katwiran ng normal na pagkatao. Pero para sa iyong mga nagpapaanod lang sa agos ng buhay, hindi nila kailanman iniisip ang tungkol sa mga bagay na ito. Saanman sila magpunta, pagkain, pag-inom, at pagsasaya lang ito. Sa panlabas, maaaring tila namumuhay sila nang napakalaya at napakaalwan, pero sa katunayan, walang iniisip ang gayong mga tao. Sa lahat ng ginagawa nila, hindi sila kailanman seryoso; palagi silang nagmamadali at nauudyukan ng panandaliang sigasig, kailanman ay walang naisasakatuparang anuman. Gusto nilang iniraraos lang ang buong buhay nila, at saanman sila magpunta, dala nila ang ganito ring saloobin—hindi eksepsiyon dito maging ang pananampalataya nila sa Diyos. Puwedeng makita mo na sa isang partikular na panahon, mukhang talagang seryoso sila sa paggawa ng tungkulin nila at nakapagtitiis sila ng paghihirap at nakapagbabayad ng halaga, pero sinuman ang tumutukoy sa mga problema nila o nagsasabi sa kanila kung paano gawin ang mga bagay-bagay, hindi nila ito kailanman sineseryoso at hindi talaga tinatanggap ang katotohanan. Ginagawa lang nila ang mga bagay-bagay ayon sa kagustuhan nila—basta't masaya sila, ayos lang sa kanila. At kung hindi sila masaya, umaalis sila para magsaya, hindi nakikinig sa payo ninuman. Sa puso nila, iniisip nilang, "Hindi ko naman kailanman pinlanong manampalataya sa diyos nang pangmatagalan." Kung may magpupungos sa kanila, kaya nilang umalis agad. Isa ito sa mga pagpapamalas ng mga tao na kayang iwan ang iglesia anumang oras.

Iyong mga kayang iwan ang iglesia anumang oras ay may isa pang uri ng pagpapamalas. May ilang tao—gaano karaming taon man na silang nanampalataya sa Diyos, mukhang may pundasyon man sila o wala, at anumang tungkulin ang maaaring ginampanan nila dati—kapag nakatagpo sila ng isang espesyal na sitwasyon na may kinalaman sa mga personal nilang interes, ay puwedeng maglaho na lang bigla. Sa

anumang oras, posibleng mawalan ng kontak ang ibang tao sa kanila, at hindi na sila makita sa iglesia, nang walang ideya kung ano ang nangyayari sa kanila. May ilang tao, kapag nakatatagpo sila ng isang tao sa kasalungat na kasarian na nagtatangkang akitin sila, ay tumitigil sa paggawa ng tungkulin nila at umaalis para makipag-date, tuluyang hindi na mahagilap. May iba rin na kapag umabot na sa edad ng pagpapakasal ang mga anak nila at nagiging abala sila sa pagsasaayos ng kasal ng mga anak nila, ay hindi na gumagawa ng tungkulin nila at hindi na lumalahok sa mga pagtitipon. Kahit sino pa ang maghanap sa kanila ay itinataboy nila. May ilang tao, kapag nagkasakit at naospital ang mga magulang o asawa nila, o kapag may isang malaking pangyayari o hindi inaasahang sakuna ang nangyayari sa bahay nila—kung tunay silang mga mananampalataya sa Diyos—nagbibigay sila ng paliwanag, sinasabing, “Nagkaroon ng ilang usapin sa bahay kamakailan na kailangan kong asikasuhin, kaya hindi ako nakadadalo sa mga pagtitipon. Kailangan kong humiling ng pagliban, at kung makahahanap kayo ng isang taong naaangkop, pakiusap, pansamantalang ipaako ninyo sa kanya ang aking tungkulin nang walang pagkaantala.” Kahit papaano, magbibigay sila ng kaunting abiso at paliwanag. Pero iyong mga kayang iwan ang iglesia anumang oras ay pinuputol ang kontak nila sa iglesia nang walang sabi-sabi, at paano man subukan ng mga kapatid, hindi sila makontak ng mga ito. Hindi sa walang paraan para makontak sila—makokontak sila sa anumang paraan—pero sadyang ayaw nilang makipag-ugnayan o tumugon sa mga kapatid. Sinasabi nila, “Bakit ko kailangang makipag-ugnayan sa iyo? Ginagawa ko ang tungkulin ko nang kusa; hindi ako binabayaran para dito. Kung gusto kong umalis, aalis ako! Kung may nangyayari sa bahay, personal na usapin ko na iyon. Hindi ako obligadong ipaalam sa iyo, at wala kang anumang karapatang malaman!” May ilang tao na umaalis nang isa o dalawang buwan, at pagkatapos ay bumabalik para mag-ulat nang hindi nahihiya, umaakto na parang walang anumang nangyari. May ibang umaalis nang dalawa o tatlong taon at ganap na hindi makontak. Ang mga tao sa iglesia, dahil hindi alam ang sitwasyon, ay nag-aakalang dahil maraming taon nang nanampalataya sa Diyos ang taong ito, imposibleng umalis ito sa iglesia. Ipinagpapalagay nila na baka may nangyaring hindi inaasahan at nag-aalala kung naaresto ba ito ng CCP. Sa katunayan, sadyang ayaw na ng taong iyon na manampalataya pa sa Diyos at umalis na ito nang hindi nagpapaalam sa mga kapatid. May ilang tao na umaalis nang humigit-kumulang sampung araw at pagkatapos ay bumabalik; hindi ibig sabihin nito na tumigil na silang manampalataya. May ilang tao na umaalis at pagkatapos ay nawawala sa loob ng dalawa o tatlong taon—masasabi ba ninyo na tumigil na silang manampalataya? (Oo.) Talaga ngang tumigil na silang manampalataya, at dapat silang alisin. Hindi ito isang karaniwang pag-alis; tumigil na sila sa pananampalataya. Mula sa perspektiba ng tao, tinatawag itong hindi na pagsampalataya. Paano ito tinitingnan ng Diyos? Sa paningin ng Diyos, tinatawag itong pagtatatwa sa Diyos, hindi pagsunod sa Diyos, at ito ay pagtanggi sa Diyos. Pero mula sa perspektiba nila, iniisip nilang, “Hindi ko tinanggihan ang diyos; nananampalataya pa rin ako sa diyos sa puso ko!” Kita mo? Binabalewala lang

nila ito. Mayroon ding iba pa na tumitigil sa pagdalo sa mga pagtitipon at sa paggawa ng tungkulin nila dahil lang sa masama ang timpla nila o naiinis sila sa loob-loob nila, dahil sa tingin nila ay masyadong mahirap at nakakapagod ang paggawa ng tungkulin nila, o dahil napungusan sila nang kaunti. Umaalis sila nang hindi man lang ipinaliliwanag ang anuman tungkol sa kasalukuyang gawain nila, sinasabing, “Walang sinumang kokontak sa akin. Hindi ako masaya, at ayaw ko nang manampalataya!” Kapag naiinis sila, puwede itong magtagal sa loob ng isang taon o higit pa. Kakaiba talaga ang init ng ulo nila—hindi sila makaahon mula rito sa loob ng isang taon o higit pa! May ilang tao ang umaako sa gawain ng mga lider at manggagawa sa iglesia, pero hindi lang sila nabibigong gawin nang maayos ang gawain, walang pakundangan din silang gumagawa ng masasamang gawa, na nagdudulot ng mga paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia. Kalaunan, hindi sila inihahalal ng mga kapatid, at kinikilatis at inilalantad din sila sa pagbabahaginan. Kaya nagsisimula silang mag-isip, “Isa ba itong sesyon ng pamumuna laban sa akin? Hindi ko lang ginawa nang maayos ang gawain, gayong kalaking usapin ba talaga ito? Bakit sila nagbabahaginan at naglalantad laban sa akin nang ganito? Sa tanang buhay ko, hindi pa ako nakaranas ng ganitong kapighatian! Bago ako nanampalataya sa diyos, ako ang palaging bumabatikos sa iba; wala pang sinuman ang nambatikos sa akin. Kahit kailan ba ay nagtiis na ako ng gayong paghihirap dati? Pinag-iinitan ninyo akong lahat, pinahihiya ako. Hindi na ako mananampalataya!” Nang ganoon-ganoon lang, humihinto na sila sa pananampalataya. Iyong mga nagsasabi nito ay hindi lang mga kabataan—ang ilan ay walo o sampung taon nang nananampalataya sa Diyos at nasa mga kuwarenta o singkuwenta anyos na, pero nakapagsasalita pa rin sila ng gayong mga bagay kapag hindi sila masaya. Ang gayong mga tao ba ay may puwang para sa Diyos sa puso nila? Itinuturing ba nila ang pananampalataya sa Diyos bilang ang pinakamahalagang bagay sa buhay? Normal ang makaramdam ng medyo pagkanegatibo o mahina kapag napupungusan o nakararanas ng mga sakuna o kabiguan, pero hindi dapat ito magsanhi sa isang tao na hindi manampalataya sa Diyos. Ang gayong mga tao ay hindi mga taos-pusong mananampalataya sa Diyos. Ang mga taos-pusong mananampalataya sa Diyos ay kayang magpatuloy sa pananampalataya nila sa Diyos kahit inaresto at inusig pa sila—ang mga taong ito lang ang may patotoo. May ilang tao, kapag nakararanas ng kaunting natural na sakuna, kung hindi alam ng mga kapatid ang tungkol dito o medyo huli na nang nalaman ito at hindi sila natulungan sa oras, ay nagsisimulang isipin na, “Nahaharap ako sa mga paghihirap at walang pumapansin sa akin. Kung gayon, minamaliit nila ako! Walang silbi ang manampalataya sa diyos. Hindi na ako mananampalataya!” Dahil lang sa gayong kaliit na usapin, kaya nilang huminto sa pananampalataya sa Diyos. Ito ay isa sa mga pagpapamalas ng mga taong kayang iwan ang iglesia anumang oras.

May isa pang sitwasyon para sa iyong mga kayang iwan ang iglesia anumang oras. Ang CCP, para makuha sila sa panig nito, ay nag-aalok sa kanila ng magandang trabaho, sinasabi sa kanila, “Wala kang kinikita sa pananampalataya sa diyos. Anong kinabukasan ang posible mong makamit? Hinanapan ka namin ng posisyon sa isang

banyagang kompanya na may mataas na buwanang sahod, magagandang benepisyo, at seguro sa trabaho. Wala kang kinabukasan sa pananampalataya sa diyos; mas mabuti pang magtrabaho, kumita ng pera, at mamuhay nang maginhawa." Sa huli, iniiwan nila ang iglesia at pumapasok ng trabaho. Sinasabi ng isang tao, "Kahapon ay ginagawa pa ng taong ito ang tungkulin niya sa iglesia. Bakit siya nag-empake at umalis ngayon?" Magtatrabaho sila at kikita ng pera; hindi na sila nananampalataya sa Diyos. Umaalis sila nang walang sabi-sabi, at mula noon, humihiwalay na sila ng landas mula sa mga kapatid, nagiging mga tao na nasa ibang landas. Gusto nilang hangarin ang kasikatan at pakinabang, para umangat at sumikat, at hindi na sila nananampalataya sa Diyos. May mga tao rin na, habang nangangaral ng ebanghelyo, ay nakakikilala ng isang taong nagugustuhan nila, nagkakarelasyon dito, at umaalis para gugulin ang mga araw nila nang magkasama. Hindi lang sila tumitigil sa paggawa ng tungkulin nila, kundi tumitigil pa nga sila sa pananampalataya sa Diyos. Ang mga magulang nila sa bahay ay wala pa ring alam, iniisip na ginagawa pa rin nila ang tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos. Sa katunayan, matagal na silang naglaho—malay mo, baka may mga anak na sila ngayon. Ang paggawa ng tungkulin ng isang tao ay napakahalaga, pero kaya pa nga nilang talikuran ang gayong kahalagang gawain tulad ng pangangaral ng ebanghelyo. Kapag may nakikilala silang isang tao na gusto nila, o isang tao na may gusto sa kanila, ang ilang simpleng nakakaakit at nakakaengganyong salita mula sa taong iyon ay sapat na para akayin sila palayo. Napakababaw at kaswal nila, kayang iwan ang Diyos at ipagkanulo ang Diyos anumang oras at saanmang lugar. Gaano karaming taon mang nanampalataya ang gayong mga tao sa Diyos o gaano karaming sermon man ang napakinggan nila, hindi pa rin nila nauunawaan ang kahit katiting na katotohanan. Para sa kanila, ang pananampalataya sa Diyos ay sadyang hindi mahalaga, at ang paggawa ng tungkulin nila ay wala ring saysay—para sa kapakanan ng pagkamit ng mga pagpapala, pakiramdam nila ay wala silang magawa kundi gawin ang mga bagay na ito. Sa sandaling may personal na isyu o isyu sa pamilya, kaya nilang umalis nang ganoon-ganoon lang. Kapag nakararanas sila ng kaunting natural na sakuna, kaya nilang tumigil manampalataya nang ganoon-ganoon lang. Ang anumang bagay ay makagagambala sa pananampalataya nila sa Diyos; ang anumang isyu ay makapagdudulot sa kanila na maging negatibo at isuko ang tungkulin nila. Anong uri ng mga tao sila? Ang tanong na ito ay talagang nararapat pagnilayan nang mabuti!

Anong uri ng mga tao ang kayang umalis sa iglesia anumang oras? Ang isang uri ay mga walang isip, hindi nag-iisip nang maayos, at mga taong naguguluhan na walang ideya kung bakit sila nananampalataya sa Diyos, gaano karaming taon man silang nanampalataya. Wala silang ideya kung ano ba talaga ang ibig sabihin ng pananampalataya sa Diyos. Ang isa pang uri ay ang uri ng mga hindi mananampalataya na hindi talaga naniniwala sa pag-iral ng Diyos at hindi nauunawaan ang kabuluhan o kahalagahan ng pananampalataya sa Diyos. Ang pakikinig sa mga sermon at pagbabasa ng mga salita ng Diyos, para sa kanila, ay parang pag-aaral ng teolohiya o

pagkatuto ng ilang propesyonal na kaalaman—kapag nauunawaan na nila ito at nakapagsasalita na sila tungkol dito, itinuturing nila itong tapos na. Hindi nila ito kailanman isinasagawa. Para sa kanila, ang mga salita ng Diyos ay isang uri lang ng teorya, isang islogan, at hindi kailanman magiging buhay nila. Kaya, para sa mga taong ito, ang anumang nauugnay sa pananampalataya sa Diyos ay hindi pumupukaw ng kanilang interes. Ang gayong mga bagay tulad ng paggawa ng tungkulin ng isang tao, paghahangad sa katotohanan, pagsasagawa ng mga salita ng Diyos, pakikipagtipon kasama ang mga kapatid at pamumuhay ng buhay iglesia nang magkakasama, at iba pa, ay hindi kaakit-akit para sa kanila, at wala sa mga ito ang nagbibigay sa kanila ng kaligayahan at pananabik na ibinibigay ng pagkain, pag-inom, at pagsasaya. Sa kabilang banda, nararamdaman ng mga taos-pusong mananampalataya sa Diyos na ang makasama ang mga kapatid para magbahaginan ng katotohanan o mamuhay ng buhay iglesia ay palaging nakapagdadala sa kanila ng mga benepisyo at pakinabang. Bagaman minsan ay nahaharap sila sa panganib at pag-uusig, o nakikipagsapalaran sa pangangaral ng ebanghelyo at pagtitiis ng ilang paghihirap sa paggawa ng kanilang tungkulin, anuman ang mangyari, nagtatamo sila ng pang-unawa sa katotohanan at nakakamit ang resulta ng pagkilala sa Diyos sa pamamagitan ng pagtitiis sa paghihirap at pagbabayad ng halaga, at ang paghihirap at halagang ito ay nagdudulot ng pagbabago sa kanilang buhay disposisyon. Pagkatapos timbangin at suriin ang lahat ng ito, pakiramdam nila na mabuti ang manampalataya sa Diyos, at na napakahalaga na magawang maunawaan ang katotohanan. Lalong tumitibay ang ugnayan ng puso nila sa iglesia, at hindi nila kailanman iniisip na iwan ang buhay iglesia. Kapag nakikita nila ang ilang indibidwal na ipinadadala sa mga grupong B o ibinubukod o pinaaalis ng iglesia dahil sa panggugulo sa gawain ng iglesia, iyong mga taos-pusong nananampalataya sa Diyos ay nakararamdam ng kaunting kalungkutan sa puso nila. Iniisip nilang, “Kailangan kong masipag na gawin ang tungkulin ko. Hinding-hindi ako dapat mapaalis. Ang mapaalis ay katumbas ng maparusahan, ibig sabihin ang kalalabasan ay ang mapunta sa impiyerno! Ano ang saysay ng mabuhay kung ganoon?” Karamihan sa mga tao ay natatakot na iwan ang iglesia; iniisip na kapag iniwan nila ang iglesia at iniwan ang Diyos, hindi na sila makapagpapatuloy pa sa pamumuhay at matatapos na ang lahat. Pero iyong mga kayang iwan ang iglesia anumang oras ay tinitingnan ang pag-alis sa iglesia bilang isang napakanormal na bagay, parang pagbibitiw lang sa trabaho para maghanap ng ibang trabaho. Hindi sila kailanman nakararamdam ng pagkabagabag o nagdurusa ng anumang sakit sa kalooban nila. Ano sa palagay ninyo—may konsensiya o katwiran ba iyong mga kayang iwan ang iglesia anumang oras? Talagang hindi kapani-paniwala ang gayong mga tao! Ang pagganap sa tungkulin ng ilang tao ay hindi pasok sa pamantayan, at palagi silang walang pakundangang gumagawa ng mga maling gawa, nagdudulot ng mga pagkagambala at panggugulo sa gawain ng iglesia. Pagkatapos ay pinapatigil sila ng iglesia sa paggawa ng tungkulin nila at ipinadadala sila sa isang ordinaryong iglesia. Kaya, ano ang nangyayari bilang resulta? Kinabukasan mismo,

parang ganap na ibang tao na sila, nagsisimula ng bagong buhay. May iba na nagsisimulang makipag-date at magpakasal, may iba na nagsisimulang maghanap ng trabaho, may ibang pumapasok sa kolehiyo, at may iba ring nakikipag-ugnayan muli sa mga dating kaibigan, bumubuo ng mga koneksiyon, at naghahanap ng mga oportunidad para yumaman. Ang mga taong ito ay mabilis na humahalo sa malawak na mundo, naglalaho sa dagat ng sangkatauhan—nangyayari ito nang ganoon lang kabilis. May ilang kapatid, pagkatapos maipadala sa isang ordinaryong iglesia dahil sa hindi magagandang resulta sa paggawa ng tungkulin nila, ang dumaraan sa panahon ng kalungkutan pero nagagawang magnilay sa sarili nila at natutukoy ang sarili nilang mga problema, nagpapakita ng kaunting saloobin ng pagbabago. Gayumpaman, iyong mga kayang umalis sa iglesia anumang oras, sa sandaling makaranas sila ng ilang paghihirap, ay ayaw nang gawin ang tungkulin nila at iniiwan ang iglesia kinabukasan, nagbabalik sa buhay ng isang walang pananampalataya. Hindi talaga sila nakararamdam ng pasakit at iniisip pa nga, “Ano ang mabuti sa pananampalataya sa diyos? Palagi kang pinagtatawanan at sinisiraan ng iba, at malamang na maaresto at makulong ka pa. Kung papatayin ako sa bugbog ng malaking pulang dragon, hindi ba’t magiging walang kuwenta ang buhay ko? Nagtiis ako ng napakaraming paghihirap sa pananampalataya sa diyos nitong mga nakaraang taon, pero ano ang nakamit ko? Kung hindi ako nanampalataya sa diyos, baka naging isa na akong opisyal, kumikita ng pera, at namumuhay sa katanyagan ngayon! Pagkatapos manampalataya sa diyos hanggang ngayon, nakararamdam pa nga ako ng pagsisisi—kung alam ko lang na magiging ganito, matagal na sana akong umalis! Anong silbi ng pag-unawa sa katotohanan? Mapapakain ka ba o mababayaran ba ng pagkaunawa ang mga gastusin?” Kita mo? Hindi lang sa wala silang pagsisisi, kundi pakiramdam pa nila na masuwerte sila na magawang iwan ang iglesia. Hindi ba’t ito ang paglalantad ng kanilang tunay na mukha bilang mga hindi mananampalataya? (Oo.)

May mga tao na nakagawian nang maging pabasta-basta at gumawa ng mga walang pakundangang maling gawa sa pagganap nila ng tungkulin. Pagkatapos paalisin ng iglesia, kapag nakikita nila ang mga kapatid, tinitingnan nila ang mga ito na para bang mga kaaway ang mga ito. Kahit na mabait na sinusubukan ng mga kapatid na makipag-usap sa kanila, hindi nila pinapansin ang mga ito at tinitingnan nila ang mga ito nang may pagkamuhi, sinasabing, “Kayo ang nagpaalis sa akin sa iglesia. Tingnan ninyo ako ngayon! Nasa mas mabuting kalagayan pa ako kaysa sa inyo! Ngayon, nakadamit ako nang marangya, isa akong makapangyarihang tao! Napakakomportable kong namumuhay sa mundo, at tingnan ninyo kung gaano kagusgusin at kapagod ang itsura ninyo sa pananampalataya sa diyos! Lahat kayo ay patuloy na naghahangad na makamit ang katotohanan, pero sa tingin ko ay hindi kayo mas matalino kaysa sa akin! Ano ang napakabuti sa pagkakamit ng katotohanan? Makakain ba ito na parang pagkain o magagastos na parang pera? Kahit hindi hinahangad ang katotohanan, napakaayos pa rin ng pamumuhay ko, hindi ba? Masuwerte ako na pinaalis ninyo ako—dapat ko kayong pasalamatan para dito!” Mula sa mga salita nila, malinaw na hindi sila mga

mananampalataya, at ang paggawa ng tungkulin nila ang nagbunyag sa kanila. Kaya ba ng isang walang pananampalataya na pasalita lang na nananampalataya sa Diyos na kusang-loob na gawin ang tungkulin niya? Ang paggawa ng tungkulin ng isang tao ay nangangahulugan ng pagtupad sa mga responsabilidad at obligasyon nang hindi tumatanggap ng sahod o kumikita ng pera. Itinuturing niya ito bilang isang kawalan, kaya ayaw niyang gawin ang tungkulin niya. Sa gayon ay nalalantad ang mga tunay na kulay niya bilang isang hindi mananampalataya; ganito ang paraan ng pagbubunyag at pagtitiwalag ng gawain ng Diyos sa mga hindi mananampalataya. May ilang tao na palaging may pabasta-bastang saloobin kapag ginagawa ang tungkulin nila, nagpapaanod lang sa agos araw-araw. Sa sandaling makakuha sila ng pagkakataon na kumita ng pera o magkamit ng promosyon sa mundo, iiwan nila ang iglesia anumang oras—matagal na silang may ganitong layunin sa isipan nila. Kung ililipat sila sa isang ordinaryong iglesia dahil sa nakagawian na nilang maging pabasta-basta at gumagawa sila nang walang pakundangan ng mga maling gawa habang ginagawa ang tungkulin nila, hindi lang sila hindi magninilay sa sarili nila, kundi iisipin din nilang, “Ang pag-aalis mo sa akin sa iglesiang may tungkuling full-time ay isang kawalan para sa iyo at isang pakinabang para sa akin.” Sobrang nalulugod pa nga sila sa sarili nila. Hindi ba’t mga hindi mananampalataya ang gayong mga tao? Sabihin ninyo sa Akin, para sa mga hindi mananampalataya na inalis dahil lubos nilang ginambala at ginulo ang gawain ng iglesia sa pamamagitan ng mga walang pakundangang paggawa nila ng mali, naaayon ba sa mga prinsipyo na alisin sila nang ganito ng sambahayan ng Diyos? (Oo.) Ganap na naaayon ito sa mga prinsipyo; hindi ito pang-aagrabyado sa kanila kahit kaunti. Ang saloobin nila sa Diyos at sa paggawa ng tungkulin nila ay gayon na kaya nilang abandonahin at ipagkanulo ang mga ito anumang oras. Sapat na ito para patunayan na wala silang anumang interes sa mga positibong bagay sa puso nila. Napakaraming taon na nilang nananampalataya sa Diyos at nakapakinig na sila sa napakaraming sermon, pero wala sa mga katotohanan ng pananampalataya sa Diyos o mga patotoong batay sa karanasan ng hinirang na mga tao ng Diyos ang makapagpapanatili sa puso nila. Walang kahit isa sa mga bagay na ito ang nakapupukaw sa interes nila, nakaaantig sa kanila, o nakapagpapalapit sa kanila. Ito ang diwa ng kanilang pagkatao, na wala talaga silang anumang interes sa mga positibong bagay. Kung gayon, saan sila interesado? Interesado sila sa pagkain, pag-inom, pagsasaya, sa mga kaligayahan ng laman, sa masasamang kalakaran, at sa mga pilosopiya ni Satanas. Lalo silang interesado sa lahat ng negatibong bagay sa lipunan; sa katotohanan at mga salita ng Diyos lang sila hindi interesado. Iyon ang dahilan kung bakit kaya nilang iwan ang sambahayan ng Diyos anumang oras. Wala talaga silang anumang interes sa madalas na pagbabasa ng mga salita ng Diyos o madalas na pakikipagbahaginan ng katotohanan sa mga pagtitipon ng sambahayan ng Diyos. Lalo nilang inaayawan ang paggawa ng tungkulin at iniisip pa nga nila na hangal ang lahat ng gumagawa ng tungkulin nila. Anong uri ng mentalidad at anong uri ng pagkatao ito? Wala silang interes sa katotohanan o sa pagliligtas ng

Diyos sa mga tao, at wala silang nararamdamang anumang kaugnayan sa buhay iglesia. Bagaman hindi nila hayagang hinusgahan o kinondena ang mga salita ng Diyos, nakinig sila sa mga sermon sa loob ng ilang taon nang hindi nauunawaan nang kahit kaunti ang katotohanan—malinaw na ipinakikita nito ang isang problema. Walang tao na ayaw ang parehong positibong bagay at negatibong bagay nang sabay. Hangga't ayaw mo ng mga positibong bagay, magiging lalong interesado ka sa mga negatibong bagay. Kung lalong interesado ka sa mga negatibong bagay, tiyak na hindi ka magiging interesado sa mga positibong bagay. Ang ganitong uri ng tao ay walang anumang interes sa mga positibong bagay, kaya wala silang nararamdamang anumang pagkakaugnay sa sambahayan ng Diyos, wala silang nagugustuhan o inaasam sa mga ito. Ang masasamang kalakaran ng mundo, ang pera, kasikatan at kapakinabangan, pagiging opisyal, pagyaman, at iba't ibang popular na maling paniniwala at panlilinlang ang siyang pinakainterasado sila. Nakatuon ang puso nila sa mundo, hindi sa sambahayan ng Diyos, kaya't kaya nilang umalis anumang oras. Ang pag-alis sa sambahayan ng Diyos at pag-alis sa buhay iglesia ay hindi nagdudulot sa kanila ng panghihinayang, hapis o pasakit, kundi ganap na ginhawa. Iniisip nila, "Sa wakas, hindi ko na kailangang makinig sa mga sermon o magbahagi tungkol sa katotohanan araw-araw, hindi na ako kailangang mapigilan ng mga bagay na ito. Ngayon, lakas-loob na akong makapaghahangad ng kasikatan at pakinabang, makapaghahangad ng pera, makapaghahangad ng magagandang babae, at makapaghahangad ng aking personal na kinabukasan. Sa wakas, lakas-loob na akong makapagsisinungaling sa iba at makapandaraya ng iba, makapagsasagawa ng mga plano at pakana, at makapagsasagawa ng lahat ng uri ng buktot na taktika nang walang alalahanin. Magagamit ko ang anumang paraan para makisalamuha sa mga tao!" Ang pakikinig sa mga sermon at pakikipagbahaginan ng katotohanan sa sambahayan ng Diyos ay napakasakit para sa kanila, at para silang nabunutan ng tinik sa pag-alis sa sambahayan ng Diyos. Ibig sabihin nito na ang mga positibong bagay na ito ay hindi ang mga bagay na kailangan ng puso nila. Ang kailangan nila ay ang lahat ng bagay ng mundo at lipunan. Mula rito, malinaw na ang dahilan ng pag-alis nila sa iglesia ay direktang nauugnay sa kanilang mga hangarin at kagustuhan.

Ano ang kalikasang diwa ng mga taong ito na kayang umalis sa sambahayan ng Diyos anumang oras? Nakikita na ba ninyo kung ano ito ngayon? (Oo. Sila ay ang uri ng mga tao na mga hindi mananampalataya. Karamihan sa mga taong ito ay mga hayop na sumailalim sa reengkarnasyon, lahat sila ay mga naguguluhang indibidwal na walang utak o pag-iisip.) Tama iyan. Hindi nila nauunawaan ang mga usapin na may kinalaman sa pananalig. Hindi nila nauunawaan kung tungkol saan ba talaga ang buhay ng tao, kung anong landas ang dapat tahakin ng mga tao, kung anong mga bagay ang pinakamakabuluhang gawin, kung anong mga prinsipyo ng pagsasagawa ang dapat sundin pagdating sa pag-asal, at iba pa, at ayaw rin nilang hanapin ang katotohanan para maunawaan ang mga ito. Ano ang gusto nilang hangarin? Buong araw umiikot ang isipan nila sa kung ano ang magagawa nila para magkamit ng mga kapakinabangan at

magtamasa ng buhay na superyor sa iba. May ilang tao na nagsisimulang manampalataya sa Diyos habang nagtatrabaho sila sa mundo. Pero sa sandaling itinalaga sila sa mas mataas na posisyon bilang superbisor o manedyer, o maging amo sila, tumitigil silang manampalataya. Kapag nilalapitan sila ng mga kapatid, sinasabi nilang, “Ngayon ako ay isang tao na may katayuan at reputasyon, may katayuan sa lipunan. Ang manampalataya sa diyos kasama ninyo ay masyadong nakakahiya. Kayong lahat ay dapat lumayo sa akin, at huwag na akong hanaping muli! Puwede ninyo akong tanggalin o patalsikin kung gusto ninyo. Ano’t anuman, tapos na ang kabanata ko ng pananampalataya sa diyos, at wala na akong kinalaman sa inyo!” Nakikita ba ninyo kung ano ang sinasabi nila? Anong uri ng tao sila? Lalapitan pa rin ba ninyo sila? (Hindi.) Prangka nilang sinabi ito, pero nanghihinayang pa rin ang ilang lider ng iglesia kapag nakikita silang umaalis at ilang beses nakikipag-ugnayan ang mga ito sa kanila para hikayatin sila: “Napakahusay ng kakayahan mo, at naging lider at manggagawa ka pa. Dahil lang hindi ka naghangad ng katotohanan kaya tinanggal ka. Kung masikap mong hahangarin ang katotohanan, tiyak na maliligtas ka, at balang araw, tiyak na magiging haligi ka, isang sandigan sa sambahayan ng Diyos!” Habang mas sinasabi ng mga lider ang mga bagay na ito, mas lalong umaayaw ang kabilang panig. May ilang lider ng iglesia na may magulong isipan at walang pagkilatis; itinalaga ang taong ito sa mas mataas na posisyon sa mundo, pero naiinggit pa rin sa kanya ang mga lider na ito at gustong bumuo ng mga ugnayan sa kanya—hindi ba’t nagpapakita ito ng kawalan ng paggalang sa sarili? Ang mga taong nakauunawa sa katotohanan ay kayang makita nang malinaw ang usaping ito: Ang maitalaga sa mas mataas na posisyon sa lipunan ay hindi isang magandang palatandaan; hindi ito ang tamang landas na dapat tahakin ng isang tao! May ilang tao na tumitigil sa pananampalataya sa Diyos sa sandaling magkamit sila ng kaunting katayuan sa lipunan—ibinubunyag lang sila nito at pinatutunayang hindi sila mga tao na taos-pusong nananampalataya sa Diyos o nagmamahal sa katotohanan. Kung mga taos-pusong mananampalataya sila, kahit pa itinalaga sila sa mas mataas na posisyon at may magandang hinaharap sa lipunan, hindi pa rin nila iiwan ang Diyos. Ngayong ipinagkanulo nila ang Diyos, kailangan pa ba ng iglesia na makipag-ugnayan at gumawa sa kanila? Hindi na kailangan, dahil nabunyag na sila bilang mga hindi mananampalataya. Sa hindi pananampalataya sa Diyos, sila ang nawawalan—sadyang wala silang pagpapala. Mga kaawa-awang nilalang lang sila; kung ipipilit mo pa ring hikayatin sila na manampalataya sa Diyos, hindi ba’t kahangalan iyon? Habang mas sinisikap mong hikayatin sila na manampalataya sa Diyos nang ganito, mas bababa ang tingin nila sa iyo. Iniisip nila na ang lahat ng nananampalataya sa Diyos ay mga tao na may mababang katayuan sa lipunan at na walang kakayahan. Kaya’t lalo silang mapagmataas at nag-aakalang mas matuwid kaysa sa iba, tinitingnan ang lahat ng tao nang may paghamak. Kung may sinumang nagpapakita ng malasakit o nag-aalala sa kanila, tinitingnan nila ito bilang pagtatangka na sumipsip sa kanila. Anong uri ng mentalidad ito? Kawalang kakayahan ito na tingnan nang tama ang mga kapatid. Sila ba ay mga taong taos-pusong

nananampalataya sa Diyos? Kapag nakatatagpo ng ganitong uri ng tao, dapat mo silang tanggihan. Sa sandaling sinabi nila, “Senior supervisor ako ngayon. Huwag na ninyo akong puntahan ulit. Kung patuloy kayong makikipag-ugnayan sa akin, kakalabanin ko kayo! Lalong huwag kayong pumunta sa kompanya ko at ipahiya ako—wala akong kinalaman sa mga taong nananampalataya sa diyos!”—kapag sinabi nila ang mga salitang ito, dapat umalis kayo kaagad, tanggalin sila, at huwag nang makipag-ugnayan muli sa gayong uri ng tao kailanman. Natatakot silang sasamantalahin natin ang tagumpay nila; kaya’t kailangan nating magkaroon ng kaunting kamalayan sa sarili. Umuunlad at umaangat sila sa mas matataas na antas; mas mataas ang antas nila kaysa sa atin. Mga ordinaryong tao lang tayo, mga tao na nasa laylayan ng lipunan. Hindi natin dapat tangkaing bumuo ng mga pakikipag-ugnayan sa kanila—huwag ninyong ibaba ang sarili ninyo nang ganoon! May mga tao rin na mas nakatatanda at may mga anak na bumibili ng marangyang bahay sa lungsod. Paglipat nila, naglalaho silang parang bula sa mga kapatid, sinasabing: “Huwag na ninyo akong puntahang muli. Galing kayong lahat sa kabukiran. Kung pupuntahan ninyo akong muli, iisipin ng mga tao na mula rin ako sa kabukiran, na may mga kamag-anak akong taga-bukid. Magiging sobrang kahiya-hiya iyon! Alam ba ninyo kung anong uri ng tao ang anak ko? Mapera siya, isang mayamang tao, isang taong kilala sa publiko! Kung patuloy kayong makikipag-ugnayan sa akin, hindi ba’t magiging kahiya-hiya iyon para sa anak ko? Kaya’t huwag ninyo akong puntahan muli sa hinaharap!” Pagkasabi nila ng mga salitang ito, sumagot lang kayo ng: “Dahil ganito ang saloobin mo, nauunawaan namin. Kung gayon ay hinahangad namin ang iyong kaligayahan at kagalakan!” Sa sandaling iyon, kung magsasalita ka ng isa pang salita, magmumukha kang hangal at mababa. Pinakamainam na umalis na lang kaagad. Huwag na huwag ninyong subukan na piliting kumbinsihin ang mga hindi mananampalataya—kahangalang pag-uugali lang iyon. Nauunawaan ba ninyo? (Oo.) Gaano ba kahangal ang ilang tao? Sinasabi nila, “Ang anak ng taong iyon ay mayaman, isang maperang tao na may katayuan sa lipunan. May koneksiyon pa nga siya sa mga opisyal ng gobyerno. Kung hihikayatin natin siyang patuloy na manampalataya sa Diyos, puwede pa ngang makapagpatuloy ang pamilya niya sa mga kapatid!” Ano ang palagay ninyo sa ideyang ito? Kung iisipin ninyo ang tungkol dito mula sa perspektiba ng pagiging mapagsaalang-alang sa gawain ng iglesia, mapagsaalang-alang sa mga kapatid, at isinasaalang-alang ang seguridad, ganap na naaangkop ito. Pero kailangan mong makita kung taos-puso ba silang nananampalataya sa Diyos. Kung ayaw nilang manampalataya sa Diyos at ayaw nilang makipag-ugnayan sa mga kapatid, pero gusto mo pa rin silang hikayatin na manampalataya sa Diyos, hindi ba’t kahangalan iyon? Huwag mong gawin ang mga bagay na nagpapakita ng kawalan ng paggalang sa sarili. Mayroon tayong proteksiyon ng Diyos at paggabay ng Diyos sa pananampalataya sa Diyos. Anuman ang kapaligirang pinaninirahan natin, ang lahat ng ito ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos. Anuman ang paghihirap na tinitiis natin, dapat tayong mamuhay nang may dignidad. May ilang tao na

naiinggit pa nga sa taong ito na umalis sa sambahayan ng Diyos, sinasabing may kakayahan ito—tama ba ang pananaw na ito? Paano natin dapat tingnan ang usaping ito? Nang lumipat sila sa isang malaking bahay, tumigil silang manampalataya sa Diyos. Sa lipunan, mayroon silang katayuan at reputasyon, at sa puso nila, minamaliit nila ang mga kapatid, tinitingnan nila ang mga ito bilang mga tao sa laylayan ng lipunan na hindi karapat-dapat na makipag-ugnayan sa kanila. Kaya, dapat na mayroon tayong kamalayan sa sarili at huwag tangkaing bumuo ng mga pakikipag-ugnayan sa gayong mga tao o makipaglapit sa kanila, tama? (Oo.)

Para sa mga kayang iwan ang sambahayan ng Diyos anumang oras, sila man ay mga hindi mananampalataya o mga tamad lang, nananampalataya man sila sa Diyos para magkamit ng mga pagpapala o para makaiwas sa mga sakuna—anuman ang sitwasyon—basta't kaya nilang iwan ang sambahayan ng Diyos anumang oras, at pagkatapos nilang umalis, inaayawan nila ang mga kapatid na nakikipag-ugnayan sa kanila, at lalo pang inaayawan ang tulong at suporta ng mga kapatid, nagpapakita ng pagkamapanlaban sa sinumang nagbabahagi ng katotohanan sa kanila, hindi kailangang bigyang-pansin ang gayong mga tao. Kung matutuklasan ang ganitong uri ng mga hindi mananampalataya, dapat silang ilantad at paalisin kaagad. Puwedeng hindi mahal ng ilang tao ang katotohanan, pero gusto nilang maging mabuting tao at matamasa ang mamuhay kasama ng mga kapatid; pinasasaya sila nito, at bukod pa riyan, iniiwasan nilang mamaltrato sila. Sa puso nila, alam nilang nananampalataya sila sa tunay na Diyos at handa silang masipag na magtrabaho. Kung may ganitong uri ng saloobin talaga sila, sa palagay ba ninyo ay dapat pa silang pahintulutang patuloy na gawin ang tungkulin nila? (Oo.) Kung handa silang magtrabaho, at hindi nanggugulo o nanggagambala, puwede silang magpatuloy sa pagtatrabaho. Pero kung isang araw ay ayaw na nilang magtrabaho at gusto na nilang iwan ang sambahayan ng Diyos, sinasabing: "Lalabas ako para subukang magtagumpay sa mundo. Hindi na ako mananampalataya sa diyos kasama ninyo. Hindi masaya rito, at minsan, kapag pabasta-basta ako sa paggawa ng tungkulin ko, napupungusan ako. Mahirap talaga rito; gusto ko nang umalis"—dapat pa bang hikayating manatili ang gayong tao? (Hindi.) Puwede lang natin siyang tanungin ng: "Napag-isipan mo na ba ito nang mabuti?" Kung sasabihin niyang, "Matagal ko nang napag-isipan ang tungkol dito," puwede mong sabihin, "Kung ganoon, hinahangad namin ang pinakamabuti para sa iyo. Ingat, at paalam!" Ayos ba ang ganitong diskarte? (Oo.) Sa tingin ninyo, anong uri ng mga tao ang mga ito? Sila ang uri na iniisip na nakahihigit sila sa ordinaryo, at na nasusuklam sa mundo at mga gawi nito, madalas na bumibigkas ng mga talata mula sa mga sikat na tao, tulad ng, "Iwinawagayway ko ang aking manggas, ni ang manipis na ulap ay hindi ko mahahawi." Iniisip nilang pinanatili nilang dalisay ang sarili nila at hindi sila nababagay sa mundong ito, at gusto nilang makahanap ng ginhawa sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos. Palagi nilang nakikita ang sarili nila bilang isang ekstraordinaryong tao, pero sa katunayan, sila ang pinakakaraniwan sa mga tao, nabubuhay para lang sa pagkain, pag-inom, at pagsasaya.

Wala silang tunay na mga kaisipan at walang tunay na mga hangarin. Nakikita nila ang sarili nila bilang isang matayog na tao, na para bang walang makauunawa sa mga kaisipan nila o makapapantay sa paraan nila ng pag-iisip. Tinuturing nilang mas mataas ang sarili nilang lawak ng kaisipan kaysa sa karaniwang tao, sinasabi ang mga bagay tulad ng: “Mga ordinaryong tao kayong lahat, pero tingnan ninyo ako—iba ako. Kung tatanungin mo ako kung saan ako nagmula, sasabihin ko sa iyo na malayo ang bayan ko.” Sinabi ba nila sa iyo kung saan sila nagmula? Alam mo ba kung saan ang “malayong” lugar na ito? Ang mga taong kayang iwan ang iglesia anumang oras ay ganitong uri mismo. Pakiramdam nila ay walang lugar ang makapagpapalugod sa kanila at palagi nilang iniisip ang tungkol sa ilang hindi makatotohanan, malabo, at hindi tunay na mga bagay. Hindi sila nakatuon sa realidad at hindi nila nauunawaan kung tungkol saan ang buhay ng tao o kung anong landas ang dapat piliin ng mga tao. Hindi nila nauunawaan ang mga bagay na ito—mga kakatwang tao lang sila. Kung ang ganitong uri ng tao ay nakapagdesisyon nang iwan ang iglesia at sinasabing pinag-isipan na niya ito nang matagal na panahon, hindi na siya kailangang hikayating manatili. Huwag nang magsalita pa ng kahit isang salita—tanggalin na lang siya, at tapos na iyon. Ganito dapat pangasiwaan ang gayong mga tao; naaayon ito sa mga prinsipyo ng kung paano dapat tratuhin ang mga tao. Dito nagtatapos ang pagbabahaginan tungkol sa iyong mga kayang iwan ang iglesia anumang oras.

J. Pag-aalinlangan

Ang ikasampung pagpapamalas ay “Pag-aalinlangan.” Ano-ano ang partikular na pagpapamalas na ipinapakita ng mga taong nag-aalinlangan? Una sa lahat, ang pinakamalalaking pagdududa na mayroon ang mga taong ito tungkol sa pananampalataya sa Diyos ay: “Talaga bang umiiral ang diyos? Mayroon bang espirituwal na mundo? Mayroon bang impiyerno? Ang mga salitang ito ba na sinabi ng diyos ay ang katotohanan? Sinasabi ng mga tao na ang taong ito ay ang diyos na nagkatawang-tao, pero wala akong nakitang anumang aspekto na nagpapakita na siya ay ang diyos na nagkatawang-tao! Kung gayon ay nasaan ba mismo ang espiritu ng diyos? Umiiral ba talaga ang diyos o hindi?” Hindi nila kailanman masagot nang malinaw ang mga tanong na ito. Nakikita nilang maraming tao ang nananampalataya sa Diyos at iniisip nila, “Tiyak na umiiral ang diyos. Malamang umiiral nga siya. Sana umiiral siya. Hindi naman nagdulot sa akin ng anumang kawalan ang pananampalataya sa diyos; walang sinumang nangmaltrato sa akin. Narinig ko na ang paggawa ng tungkulin ay makapaghahatid ng mga pagpapala at magandang destinasyon, at dahil dito ay hindi ako mamamatay sa hinaharap. Kaya siguro susunod na lang ako at mananampalataya.” Pagkatapos manampalataya sa loob ng ilang panahon, nakikita nila na ang ilang tao ay dumaraan sa mga pagsubok at paghihirap, at nagsisimula silang magnilay: “Hindi ba’t dapat na maghatid ng mga pagpapala ang pananampalataya sa diyos? May ilang tao na malubhang nagkakasakit at namamatay, may ilang inaresto at inusig hanggang kamatayan ng malaking pulang

dragon, at may iba na nagkasakit o nagkaroon ng sakuna sa pamilya nila habang gumagawa sila ng tungkulin. Bakit hindi sila pinrotektahan ng diyos? Kaya, talaga bang umiiral ang diyos o hindi? Kung umiiral siya, hindi dapat nangyari ang mga bagay na ito!" May ilang tao na may mabuting layunin na nagbabahagi ng katotohanan sa kanila, sinasabing: "Ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat ng bagay, at ang kapalaran ng mga tao ay pinamamatnugutan ng Diyos. Dapat tanggapin ng mga tao ang mga bagay na ito mula sa Diyos at ibigay ang sarili nila sa pamamatnugot ng Diyos. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay mabuti." Kung saan sinasabi ng mga nag-aalinlangang indibidwal na ito: "Hindi ko makita kung ano ang mabuti rito! Ang pagdurusa sa mga sakuna—mabuti ba iyon? Ang pagkakasakit nang malubha o pagkakaroon ng walang lunas na sakit—mabuti ba iyon? Mas masahol pa ang mamatay. Umiiral ba ang diyos o hindi? Hindi ko alam." Palagi silang napupuno ng mga pagdududa tungkol sa Diyos. Kapag nakikita nila ang maraming tao na gumagawa ng tungkulin, ang gawain ng sambahayan ng Diyos na lumalaganap nang lumalaganap, at ang iglesia ay umuunlad araw-araw, nararamdaman nilang tiyak na umiiral ang Diyos. Lalo na kapag naririnig nila ang mga kapatid na nagpapatotoo sa mga tanda at kababalaghang ipinakita ng Diyos at biyayang natanggap nila mula sa Diyos, mas lalong tumitindi ang pakiramdam ng mga nag-aalinlangang indibidwal na ito na: "Talagang umiiral ang diyos! Bagaman hindi nakikita ng mga tao ang espiritu ng diyos, ang mga salitang binigkas ng diyos na nagkatawang-tao ay narinig ng mga tao, at narinig ko na rin ang napakaraming tao na nakikipagbahaginan ng mga salita ng diyos at dumanas ng mga salita ng diyos. Kaya, tiyak na talagang umiiral ang diyos!" Kapag ang iglesia ay umuunlad, ang lahat ay umuusad nang maayos para dito, lumalago ito, at ang gawain ng iglesia ay lumalaganap nang lumalaganap, at lalo na kapag nakararanas ang mga kapatid ng ilang espesyal na sitwasyon at espesyal na usapin at nakikita ang proteksiyon, kataas-taasang kapangyarihan, at pamumuno ng Diyos sa pamamagitan ng mga bagay na ito, nararamdaman nilang umiiral ang Diyos at tunay na mabuti ang Diyos. Gayumpaman, pagkatapos ng ilang panahon, puwede silang makaranas ng mga pagkadismaya at pagsubok, may ilang puwedeng makaranas ng mga pagkabigo at balakid, o puwedeng itiwalag ng sambahayan ng Diyos ang ilan sa mga tao; ang mga bagay na ito, partikular iyong huli, ay lubos na sumasalungat sa kanilang mga kuru-kuro at lampas kaysa sa mga inaasahan nila. Nararamdaman nila, "Kung umiiral ang diyos, paanong nangyayari ang mga bagay na ito? Hindi dapat nangyayari ang mga ito! Normal lang na mangyari ang mga bagay na ito sa mga walang pananampalataya, pero paanong nangyayari din ang mga ito sa sambahayan ng diyos? Kung umiiral ang diyos, dapat ayusin niya ang mga bagay na ito at pigilan na mangyari ang mga bagay na ito, dahil siya ay makapangyarihan sa lahat, may awtoridad, at may kapangyarihan! Umiiral ba talaga ang diyos o hindi? Hindi nakikita ng mga tao ang espiritu ng diyos. Tungkol naman sa mga salitang sinabi ng diyos na nagkatawang-tao, sinasabi ng lahat ng tao na ang mga ito ay ang katotohanan, ang daan, at na puwedeng maging buhay ng mga tao ang mga ito.

Pero bakit hindi ko nararamdamang katotohanan ang mga ito? Napakatagal ko nang nakikinig sa mga sermon, pero hindi naman talaga nagbago ang buhay ko! Lubos akong nagdusa—ano ba ang napala ko?" Nagsisimula silang magkaroon ng mga pagdududa tungkol sa Diyos, at ang sigla nila sa paggawa ng tungkulin nila ay nababawasan at tumatamlay. Pagkatapos ay naiisip nilang iwan ang sambahayan ng Diyos para magtrabaho at kumita ng pera para mamuhay ng disenteng buhay—nagsisimulang lumitaw ang mga aktibong kaisipan na ito. Iniisip nila: "Kung ang diyos na pinananampalatayanan ko ay hindi ang tunay na diyos, ang hindi ko pagtatrabaho o pagkita ng pera sa loob ng maraming taong ito habang nananampalataya sa diyos ay magiging isang napakalaking kawalan! Hindi, mali ang ganitong pag-iisip. Kailangan ko pa ring manampalataya nang maayos. Narinig kong sinasabi ng mga tao na ang pagbabasa ng mas maraming salita ng diyos ay magbibigay-daan sa isang tao na maunawaan ang katotohanan, malutas ang lahat ng problema, at hindi na maging mahina. Pero binasa ko na ang mga salita ng diyos at hindi ko pa rin nauunawaan ang katotohanan. Bakit negatibo pa rin ang pakiramdam ko? Bakit palagi kong nararamdaman na parang wala akong lakas para gawin ang tungkulin ko? Hindi gumagawa ang diyos sa akin! Napakarami kong paghihirap, pero hindi pa nagbukas ang diyos ng daan palabas para sa akin. Kaya, umiiral ba talaga ang diyos o hindi? Kung ito ang tunay na daan, dapat pagpalain ng diyos ng kapayapaan, kaayusan, at pagiging normal ang mga taong gumagawa ng tungkulin nila. Kaya bakit may gayon kalalaking paghihirap pa rin sa pangangaral ng ebanghelyo at paggawa ng tungkulin? Bagaman alam kong nahuhuli ang relihiyosong mundo, at ang pananampalataya sa makapangyarihang diyos ay pagpasok na sa Kapanahunan ng Kaharian, bakit hindi ko nakikita kung paano gumagawa ang banal na espiritu?" Anong uri ng mga tao ang mga ito? Sila ay mga tao na walang espirituwal na pang-unawa. Binabasa nila ang mga salita ng Diyos pero hindi nauunawaan ang katotohanan. Gaano man karaming katotohanan ang pinagbabahaginan, hindi nila kayang maarok ang kahulugan nito. Palagi nilang tinitingnan ang mga bagay-bagay batay sa kanilang mga kuru-kuro at imahinasyon, at palagi silang puno ng mga pagdududa tungkol sa Diyos. Paano posibleng maunawaan ng gayong tao ang katotohanan? Nakikita ng ilang tao na ang pangangaral ng ebanghelyo ay medyo mahirap, kaya naiisip nila: "Kung ito ang tunay na daan, gagawa nang husto ang banal na espiritu. Saanman pumunta ang mga kapatid para mangaral ng ebanghelyo, magiging maayos ito at walang sagabal. Higit pa rito, ang mga opisyal ng gobyerno ay magsisimula ring manampalataya at pahihintulutan ang lahat ng bagay. Ito talaga ang magiging gawa ng tunay na diyos. Pero ngayon, kung titingnan natin ang mga katunayan, hindi talaga iyon ang kaso. Hindi lang sa hindi nananampalataya sa diyos ang mga pangulo at opisyal sa iba't ibang bansa, kundi hindi rin nila sinusuportahan ang pananampalataya sa diyos. Sa ilang bansa, inuusig pa nga ng mga gobyerno ang mga mananampalataya at hinahadlangan ang mga tao na manampalataya sa diyos. Kaya, ang diyos ba na pinananampalatayanan natin ang tunay na diyos? Hindi ko alam; mahirap masabi." Palaging may isang malaking katanungan sa

puso nila. Sa tuwing may naririnig silang anumang uri ng balita, parang isang “lindol” ito sa kanila na may epektong hindi malaki o hindi kapansin-pansin, na nagdudulot sa kanilang mag-alinlangan. Sinasabi ng ilang tao na: “Dahil ba ito sa nanampalataya sila sa Diyos sa maikling panahon lang kaya palagi silang nag-aalinlangan?” Hindi iyon ang kaso—may ilang tao na nanampalataya na ng tatlong taon, limang taon, o maging higit pa sa sampung taon. Maituturing bang maikling panahon iyon? Kung may isang tao na nanampalataya sa loob ng tatlo o limang taon sa panahon ng gawain ng Kapanahunan ng Biyaya, hindi ito maituturing na mahaba, dahil hindi nila narinig ang mga pagbigkas at mga salita ng Diyos sa mga huling araw; naunawaan lang nila ang kaunting kaalaman sa Bibliya at mga teoryang espirituwal mula sa Bibliya at mula sa mga sermon ng mga tao. Napakaliit ng ganoong nakamit. Iba ito kapag tinanggap ng isang tao ang gawain ng kasalukuyang yugtong ito—basta’t ginagawa niya ang kanyang tungkulin at sumusunod sa Diyos nang tatlong taon, ang nararanasan, nauunawaan, at nakakamit niya ay lumalampas pa sa mga puwedeng nakamit ng isang tao mula sa pananampalataya sa Panginoon sa loob ng dalawampu o tatlumpung taon, o maging sa habang buhay, sa Kapanahunan ng Biyaya. Pero ang mga taong ito na nag-aalinlangan, kahit pagkatapos manampalataya sa loob ng tatlo, lima, o maging higit pa sa sampung taon, ay hindi pa rin matukoy kung ang yugtong ito ng gawain ay ginawa ng Diyos o hindi, at may mga pagdududa pa nga sila tungkol sa pag-iral ng Diyos. Masasabi mo ba na masyadong mapanggulo ang gayong mga tao? May abilidad ba silang maarok ang katotohanan? (Wala.) May paraan ba sila ng pag-iisip ng normal na pagkatao? (Wala.) Hindi nila maarok ang katotohanan. Anumang sitwasyon ang lumilitaw sa iglesia, palagi itong nakapagdudulot sa kanila na mag-alinlangan—patuloy na nagbubunsod ng mga “lindol” para sa kanila ang katanungan sa mga puso nila. Kung nagdudulot ang mga anticristo ng mga kaguluhan sa iglesia at nalilihis ang ilang tao, o kung may isang tao na iniidolo nila ang gumagawa ng isang bagay na hindi nila inaasahan—tulad ng pagnanakaw ng mga handog o pakikisali sa mga imoral na gawain—at pinaalis, nagdudulot ito sa puso nila na mag-alinlangan, at nagsisimula silang magduda sa Diyos: “Hindi ba’t ito ang daloy ng gawain ng diyos? Kung gayon ay paanong nangyayari ang gayong mga labag-sa-batas na bagay sa iglesia? Paanong pinahihintulutan ng diyos ang pagpapakita ng mga anticristo at masasamang tao? Ito ba talaga ang tunay na daan?” Ang lahat ng nangyayari sa iglesia na salungat sa kanilang mga kuru-kuro ay nagdudulot sa kanila na magkaroon ng mga pagdududa at magsimulang kuwestiyonin kung ito ba ang tunay na daan, kung gawain ba ito ng Diyos, at kung talagang umiiral ba ang Diyos. Sadyang hindi nila hinahanap ang katotohanan para makita nang tama ang mga bagay-bagay. Ito pa lang ay sapat na para patunayan na mula sa simula hanggang wakas, hindi talaga sila kailanman naniwala na ang yugtong ito ng gawain ay ginawa ng Diyos. Mula sa simula hanggang wakas, hindi nila kailanman nalaman kung ano ang katotohanan, ni kung bakit ipinahahayag ng Diyos ang katotohanan. Ang Diyos ay nagsabi ng napakaraming salita at gumawa ng napakaraming gawain—ang lahat ng ito ay gawa ng Diyos. Napakaraming tao ang

nagpatunay at naging sigurado tungkol dito, pero tumatanggi silang tingnan ang mga usapin batay sa mga bagay na ito. Palagi nilang ginagamit ang mga perspektiba ng tao at pag-iisip ng tao para gumawa ng mga paghuhusga—masyado silang nagtitiwala sa sarili nila. Kapag may ilang butas o paglihis sa gawain ng iglesia o sa buhay iglesia, o kapag ang iglesia ay sinusupil at inuusig ng gobyerno, nagsisimula muli silang manguwestiyon: “Ito ba talaga ang tunay na daan?” Kapag nagpapakita ang mga anticristo at huwad na lider sa iglesia, nagsisimula rin silang manguwestiyon. Sinasabi nila: “Tingnan iyong mga pastor at nakatatanda sa mga relihiyosong simbahan—talagang mahal nila ang panginoon, at walang anumang insidente ng anticristo sa mga simbahan nila. Ngayon, iyon ang tunay na daan. Kung ang mayroon kayo rito ay ang tunay na daan, bakit nangyayari pa rin ang mga bagay na ito?” Ganito sila gumagawa ng mga pagkukumpara. At paano gumagawa ang iba pang mga hangal ng pagkukumpara? Sinasabi nila: “Tingnan ninyo iyong mga taong nananampalataya sa diyos sa Three-Self Church—mayroon silang pagsang-ayon mula sa estado, at naglalabas pa nga ang estado ng mga sertipiko at pinagkakalooban sila ng lupa para magtayo ng mga simbahan. Lahat ng ito ay lehitimo at legal. Mayroon ba kayong pampublikong simbahan? Rehistrado ba ang inyong mga iglesia? Nagtatalaga pa nga ang estado ng mga pastor sa mga Three-Self Church, at may mga lisensya ang mga pastor na iyon. May mga lisensya ba ang mga lider at manggagawa ninyo? Hindi kayo pinahihintulutan ng estado na manampalataya sa diyos; inaaresto at inuusig kayo nito. Ni wala kayong pirmihang lugar para sa mga pagtitipon; palagi kayong nagtitipon nang lihim. Ito ba talaga ang tunay na daan? Kung ito ang tunay na daan, bakit palagi kayong palihim na nagtitipon at gumagawa ng inyong tungkulin?” Hindi nila makilatis maging ang usaping ito. Ang anumang sitwasyon ay makapagdudulot sa kanila na mag-alinlangan at magkaroon ng mga pagdududa tungkol sa Diyos. Sabihin ninyo sa Akin, kaya bang manindigan ng isang taong tulad nito? (Hindi.) Bagaman sa panlabas ay hindi pa niya iniwan ang iglesia, nasa bingit siya ng panganib sa puso niya. Hindi siya kailanman makasisiguro tungkol sa gawain ng Diyos at sa mga katotohanang ipinahayag ng Diyos, at palagi siyang kalahating naniniwala, kalahating nagdududa; dahil dito ay imposibleng magkaroon siya ng tunay na pananalig. Hindi niya nakikita na ang lahat ng pag-uusig, pagsupil, at pag-aresto na nangyari sa mga taon na ito ng gawain ng Diyos ay nasa ilalim lahat ng kataas-taasang kapangyarihan, mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos. Kaya, may mga kuru-kuro siya at nagagawa niyang kuwestiyonin kung puwede bang magkaroon ng kataas-taasang kapangyarihan ang Diyos sa lahat ng bagay. Palagi siyang naniniwala na ang lahat ng gawain sa sambahayan ng Diyos ay gawa ng tao, hindi niya nakikita kahit ang pinakamaliit na palatandaan ng mga gawa ng Diyos. Hindi ba’t isa siyang hindi mananampalataya? Kung ang gayong tao ay bago pa lang na nananampalataya nang anim na buwan o isang taon at hindi pa malinaw na naaarok ang iba’t ibang katotohanan, kauna-unawa para sa kanya na magkaroon ng mga pagdududa at mag-alinlangan kapag nakakikita siya ng mga bagay-bagay na salungat sa mga kuru-kuro niya. Pero

may ilang tao na nanampalataya na sa Diyos ng ilang taon, nakinig sa maraming sermon, at nabahaginan sila ng katotohanan tuwing nakararanas sila ng mga paghihirap. Sa panahong iyon, naunawaan nila ang narinig nila mula sa doktrina. Pero pagkatapos, kapag naharap muli sa mga usapin, kinukuwestiyon pa rin nila ang Diyos at ang gawain ng Diyos. Ipinapakita nito na ang gayong mga tao ay walang abilidad na maarok ang katotohanan, wala silang pag-iisip ng normal na pagkatao, at hindi sila nakakatugon sa pamantayan ng pagiging tao.

Paano dapat pangasiwaan ang mga tao na nag-aalinlangan? Pagdating sa pagkatao, hindi katumbas ng mga taong ito ang masasamang tao, pero mapanggulong uri talaga sila ng mga tao, dahil wala silang abilidad na maarok ang katotohanan at wala silang pag-iisip na naaayon sa normal na pagkatao. Ang pinakamahalaga, hindi man lang nila kayang makumpirma ang maraming katotohanan na ipinahayag ng Diyos, ni hindi nila alam kung ang mga salitang ito ay ang katotohanan, o kung ang mga ito ba ay pagpapahayag ng Diyos at gawain ng Diyos. Batay sa abilidad nilang makaarok, anong uri ng mga tao sila? Tamang sabihin na sila ay mga hindi mananampalataya, at tama ring tawagin silang mga tao na magulo ang isip. Bagaman ang mga ganitong uri ng tao ay hindi nakagawa ng anumang malinaw na kasamaan at hindi kalipikado bilang masasamang tao, dahil ganito kagulo ang isipan nila at kaya nilang gumawa ng maraming bagay na nakagagambala at nakagugulo, hindi ba't mga walang kuwentang tao sila? (Oo.) Gaano man sila katagal nang nananampalataya sa Diyos o gaano karaming sermon man ang napakinggan nila, hindi nila kailanman kayang maunawaan ang katotohanan. Hindi man lang nila kayang kumpirmahin ang pag-iral ng Diyos o ang kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos. Anong uri ng kakayahan ito? Ang mga taong ito ay ganap na walang abilidad na maarok ang katotohanan. Sila ay mga tao na may napakahinang kakayahan; o puwede mo ring sabihin na wala talaga silang kakayahan—sila ay mga walang utak na walang kuwentang tao. Sabihin mo sa Akin, anong tungkulin ang kayang gawin ng mga walang kuwentang tao? (Wala silang kayang gawing anumang tungkulin.) Hindi nila kayang gumawa ng anumang tungkulin at palagi silang nagdududa at nag-aalinlangan. Kaya, paano dapat tratuhin at pangasiwaan ang mga ganitong tao? Ang pinakamainam na paraan para pangasiwaan ang gayong mga tao ay ang huwag silang hayaang gumawa ng anumang tungkulin. Kahit hilingin pa nilang gumawa ng tungkulin, hindi sila dapat pahintulutan. Bakit hindi? Dahil kapag ang mga ganitong tao ay nagsimulang gumawa ng tungkulin, lalo na kapag nagtiis sila ng paghihirap at nagbayad ng kaunting halaga, sa malao't madali ay gugustuhin nilang makipagkuwentahan sa sambahayan ng Diyos. Kung sila ay maaaresto o mahaharap sa mga natural na sakuna o mga kalamidad na gawa ng tao, pagsisisihan nilang iginugol nila ang sarili nila para sa Diyos; magrereklamo sila nang may sama ng loob, at magpapakalat ng mga pahayag tulad ng: "Labis akong nagdusa para sa gawain ng iglesia at para sa paggawa ng tungkulin ko. Mas labis na kaunti ang kinain ko, mas labis na kaunti ang itinulog ko, at mas labis na kaunti ang kinita kong pera. Kung hindi ako gumawa ng

tungkulin, nakapaglagay sana ako ng kinita kong pera sa bangko, at kumita sana ito ng interes! Humarap ako sa napakaraming panganib—magkano ba ang halaga ng bawat oras ng panganib? Magkano ba ang bayad sa pagtatrabaho?" Susubukan nilang makipagkuwentahan sa sambahayan ng Diyos at magbabanta pa nga na kung hindi sila babayaran ng sambahayan ng Diyos, isusumbong nila ito. Hindi ba't magdudulot ng walang katapusang problema ang pagpapahintulot sa mga ganitong tao na gumawa ng tungkulin? Ang pangangasiwa sa gayong kababababang indibidwal ay magdudulot ng isang gusot na imposibleng malutas. Gaano man karaming bagay ang pinangangasiwaan nila para sa iglesia, nagtatago sila ng isang maliit na talaan sa puso nila, malinaw na itinatala ang bawat kuwenta. Anuman ang ginagawa nila para sa iglesia, hindi nila ito kailanman ginagawa nang kusang-loob. Dahil hindi sila kusang-loob sa paggawa, gusto nilang makipagkuwentahan. Bakit ganito? Ito ay dahil, sa puso nila, hindi nila kinikilala ang pag-iral ng Diyos o pinaniniwalaan ang pag-iral ng Diyos. Hindi nila kinikilala na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan o na ang gawain ng Diyos ay makapagliligtas sa mga tao. Kaya, anong uri ng gantimpala ang kakailanganin nila para makaramdam sila ng pagkakontento matapos magbayad ng kaunting halaga, magdusa nang kaunti, gumawa ng ilang tungkulin, at maggugol ng ilang pinagkukunang pantao at materyal para sa diumano'y diyos na ginuguni-guni nila sa isipan nila? Kung wala silang natanggap na anumang kapalit, makokontento ba sila? Kung isang araw ay mapagtanto nila na itiniwalag sila dahil sa hindi paghahangad sa katotohanan, ano ang magiging mga kahihinatnan? Iisipin nila na niloko sila ng sambahayan ng Diyos, na niloko sila ng mga lider at manggagawa, at na pinanatili silang walang kaalam-alam at naging biktima sila ng isang panloloko. Pagkatapos, may maireklamo na sila sa sambahayan ng Diyos at manghihingi ng kabayaran, walang katapusang pahahabain ang mga bagay-bagay. Sa palagay mo ba ay gugustuhin ng sambahayan ng Diyos na madawit sa gayong uri ng tao? Talagang hindi gagawa ang sambahayan ng Diyos ng isang bagay na napakahangal! Ang hinirang na mga tao ng Diyos ay gumagawa ng tungkulin nila para tuparin ang responsabilidad ng mga nilikha—ito ay ganap na sarili nilang desisyon, isang bagay na kusang-loob nilang ginagawa. Hindi kailanman pinupuwersa o pinipilit ng sambahayan ng Diyos ang sinuman. Pero kapag nagsimulang gumawa ng tungkulin ang mga hindi mananampalataya, hindi magtatagal ay lilitaw rin ang problema. Kapag masama ang timplada nila, tiyak na magsisimula silang magmaktol at magreklamo, sinasabi sa iba: "Napakahusay ninyong magsalita lahat at niloko ninyo ako, sinasabi na ang pananampalataya sa diyos ay magpapahintulot sa akin na magkamit ng katotohanan at buhay na walang hanggan. Pero wala sa inyo ang nagbanggit na magkakaroon pala ng mga anticristo sa iglesia na nanlilihis sa mga tao, masasamang tao na nanggagambala at nanggugulo sa gawain ng iglesia, o na ang iglesia ay magpapaalis o magpapatalsik ng mga tao. Hindi ninyo kailanman sinabi sa akin na mangyayari ang alinman sa mga ito sa iglesia!" Babalikan ka pa nga nila at aakusahan ka, sinasabing: "Hindi mo kailanman ipinaliwanag nang malinaw ang mga bagay na ito sa akin. Sinundan ko lang kayo sa

pananampalataya sa diyos at paggawa ng tungkulin ko. Dahil dito, wala na akong kinabukasan sa mundo; hinadlangan ninyo ako sa pagkita ng malaking pera. Kailangan ninyo akong bayaran para sa mga kawalan ko!" Hindi ka ba nasusuklam kapag nagsisimula silang makipagkuwentahan sa iyo? Gusto mo bang makisangkot sa kanila? (Hindi.) Sino ba ang posibleng makapagpapaliwanag ng mga bagay-bagay sa mga ganitong tao? Hindi nila tinatanggap ang katotohanan, hindi nila nakikita ang pag-iral ng Diyos, at hindi nila nararamdaman ang pag-iral ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan. Sabihin mo sa Akin, sino ang makapagsisiksik ng katotohanang ito sa isipan nila? Walang makagagawa nito. Wala silang pakultad na tanggapin ang katotohanan, kaya ang paghingi sa kanilang hangarin ang katotohanan ay lubos na magpapahirap ng mga bagay-bagay para sa kanila, maglalagay ito sa kanila sa alanganin—sadyang hindi makatotohanan ang paggawa nito. Nananampalataya sila sa Diyos para lang tumanggap ng mga pagpapala. Basta't magawa nila ang kaunting tungkulin, humihingi na sila ng gantimpala. Kung hindi nila makukuha ang gusto nila, magsisimula silang magpukol ng masasakit na salita: "Niloko at dinaya ako! Manloloko kayong lahat!" Sabihin ninyo sa Akin, gugustuhin ba ninyong tiising matawag nang ganoon? (Hindi.) Sino ang nanloko sa kanila? Hindi ba't sila mismo ang may mga ambisyon at pagnanais at gustong makatanggap ng mga pagpapala? Hindi ba't kaya nga sila nanampalataya sa Diyos ay para mismo makatanggap ng mga pagpapala? Hindi sila nakatanggap ng mga pagpapala ngayon, pero hindi ba't dahil iyon sa hindi sila naghahangad ng katotohanan? Hindi ba't sarili nilang problema iyon? Ni hindi nga sila nananampalataya sa Diyos, pero gusto pa rin nilang tumanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos—paanong magiging napakadali na tumanggap ng mga pagpapala? Hindi ba't malinaw na ipinaliwanag ang mga usaping ito sa kanila bago pa sila magsimulang gumawa ng tungkulin? (Oo.) Pero makapangangatwiran ka ba sa kanila? Hindi mo kayang gawin iyon—sasabihin lang nila na niloko mo sila. Sabihin mo sa Akin, sa sambahayan ng Diyos, gaano man katagal nang nananampalataya ang mga kapatid sa Diyos, sino sa kanila ang hindi boluntaryong gumagawa ng tungkulin? Bagaman may mga bihirang kaso kung saan hindi nananampalataya ang mga anak sa Diyos at hinahatak ng kanilang mga magulang o kamag-anak na manampalataya at gumawa ng tungkulin, sobrang kakaunti pa rin ng mga ganitong kaso. Kahit na hatakin ka pa ng iyong mga magulang, para ito sa iyong sariling kabutihan—dapat mo iyong maunawaan. Pero iyon ay iyong pamilya na humahatak sa iyo—hindi ka hinahatak o pinupuwersa ng mga kapatid ng sambahayan ng Diyos. Ang pananampalataya sa Diyos at paggawa ng tungkulin ay ganap na boluntaryo. Sa ngayon, ang sinumang gustong umalis ay puwedeng umalis; palaging bukas ang mga pinto ng sambahayan ng Diyos. Gayumpaman, kapag umalis ka, hindi na magiging ganoon kadaling bumalik. Iyong mga gumagawa ng tungkulin nang full-time sa sambahayan ng Diyos ay maingat na pinili—hindi basta-basta tinatanggap ang sinuman. May mga hinihinging pamantayan at prinsipyo, at iyon lang may mga kalipikasyon ang puwedeng manatili sa iglesiang may tungkuling full-time. Iniisip ng mga taong nag-aalinlangan, "Hindi

ninyo ipinaliwanag nang malinaw ang ganitong kahalagang bagay sa akin. Noong panahong iyon, gumawa lang ako ng tungkulin dahil nalilito ako." Ano ang hindi ipinaliwanag nang maayos? Nagbabahaginan ang mga kapatid ng katotohanan nang magkakasama araw-araw habang gumagawa ng tungkulin—kung hindi naunawaan ng mga taong ito, ito ay dahil magulo ang isipan nila at bulag sila. Wala silang iba pang puwedeng sisihin doon. Pero hindi sila mangangatwiran sa iyo tungkol dito; pakiramdam lang nila na lubos silang nagdusa ng malaking kawalan at gusto nilang makipagkuwentahan at makipagtalo sa sambahayan ng Diyos. Hindi ba't hindi makatwiran at labis na kasuklam-suklam ang gayong mga tao? Kaya, kapag nakilala na ninyo ang mga tunay na kulay ng gayong mga tao at malinaw na nakikita na magulo ang isipan nila, ganap na walang silbi, hindi kayang gumawa ng anumang tungkulin, at patuloy na nakatuon sa pagtanggap ng mga pagpapala, na puno ang puso nila ng mga kaisipan ng pagtatamo ng mga pagpapala, at na ang lahat ng alam nila ay na ang paggawa ng tungkulin ay makapagdadala ng mga pagpapala, kaligtasan, pagpasok sa kaharian, at imortalidad, at alam lang nila ang kaunting pariralang ito nang hindi nauunawaan ang anumang iba pa—hindi alam kung ano ang katotohanan, kung paano magsagawa ng katotohanan, o kung paano magpasakop sa Diyos—kung ganoon, kahit na gusto nilang gumawa ng tungkulin o humiling na gumawa ng tungkulin, maisasaayos ba na gawin nila ito? (Hindi.)

Ang mga taong nag-aalinlangan, sa katunayan, kahit na sila ay nasa ligtas at maayos na kalagayan, ay may mga pagdududa at palaging nagmamasid. Kapag nakaranas sila ng pag-uusig at mga pag-aresto, nagsisimula silang mag-alinlangan. Ipinapakita nito na, sa kanilang karaniwang pananampalataya sa Diyos, hindi sila nagtataglay ng tunay na pananalig. Kapag may mga lumilitaw na sitwasyon, nabubunyag sila. Ipinapakita nito na hindi sila kailanman naging tiyak tungkol sa gawain ng Diyos at palaging nangunguwestiyon at nagmamasid. Bakit hindi nila iniwan ang iglesia? Iniisip nilang, "Nanampalataya ako sa diyos nang napakaraming taon at nagdusa ng napakaraming paghihirap. Kung aalis ako ngayon nang walang anumang nakamit na mga kapakinabangan, hindi ba't magiging isang kawalan iyon? Hindi ba't mawawalan ng saysay ang lahat ng pagdurusang iyon?" Ito ang iniisip nila. Puwedeng isipin mo na sila ay sigurado, na may pananalig sila, na nauunawaan nila ang katotohanan, pero sa katunayan, hindi sila ganoon. Nagdududa pa rin sila, nagmamasid pa rin. Sa puso nila, gusto lang nilang makita kung tunay ngang umuunlad ang gawain ng sambahayan ng Diyos, kung ang bawat aytem ng gawain ay nagbubunga ng resulta, at kung nagkaroon ito ng malaking epekto sa mundo. Ang lalo nilang gustong malaman ay ang sumusunod na mga bagay: Kumusta ang pagpapalaganap ng ebanghelyo ng mga iglesia sa iba't ibang bansa? Mayroon ba itong lawak at impluwensiya? May internasyonal na pagkilala ba ang daloy na ito? May mga sikat na tao o maiimpluwensiyang personalidad ba na tumanggap sa yugtong ito ng gawain? Kinilala o sinang-ayunan na ba ng United Nations ang Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos? May suporta ba ito mula sa mga gobyerno ng iba't ibang bansa? Naaprubahan na ba ang aplikasyon para sa politikal na asilo ng mga

kapatid sa iba't ibang bansa? Ang mga ito ang mga uri ng bagay na palaging inaalala ng mga gayong tao, at ito ay isang malinaw na pagpapamalas ng kanilang pag-aalinlangan. Kapag nakita nila na ang sambahayan ng Diyos ay nagkamit ng kapangyarihan at ang gawain ng ebanghelyo ay lumaganap, pakiramdam nila ay masuwerte sila na hindi nila iniwan ang sambahayan ng Diyos, at hindi na nila pinagdududahan ang Diyos. Pero sa sandaling nakita nilang nagugulo, nahahadlangan, o napipinsala ang gawain sa sambahayan ng Diyos, na naaapektuhan din ang pagganap ng tungkulin ng mga kapatid, at na ang iglesia ay ibinubukod at tinatanggihan ng mundo, nagsisimula silang mag-isip na iwan ang sambahayan ng Diyos. Palagi nilang kinukuwestiyon: "Talaga bang may kataas-taasang kapangyarihan ang diyos sa lahat ng ito? Bakit hindi ko makita ang pagkamakapangyarihan-sa-lahat ng diyos? Katotohanan ba talaga ang mga salita ng diyos? Kaya ba talagang linisin at iligtas ng mga ito ang mga tao?" Hindi nila kailanman kayang makilatis ang mga usaping ito at patuloy na kinukuwestiyon ang mga ito dahil wala silang espirituwal na pang-unawa at hindi nila maarok ang mga salita ng Diyos. Gaano karaming sermon man ang naririnig nila, hindi sila makabuo ng kongklusyon tungkol sa anuman sa mga ito. Dahil dito, palagi silang nagtatanong-tanong, hinahangad na magkaroon sila ng mga taingang makaririnig sa mga napakalayong bagay at mga matang makakikita sa libong milya ang layo, para makaalam at makabalita sila tungkol sa kung ano ang nangyayari sa malayo. Sa gayon, maaga silang makapagpapasya kung dapat nga ba silang manatili o umalis. Hindi ba't hangal ang gayong mga tao? (Oo.) Hindi ba't ang ganitong uri ng mga tao ay namumuhay ng nakapapagod na buhay? (Oo.) Wala silang pag-iisip ng normal na pagkatao, ni hindi nila nauunawaan ang katotohanan. Kapag mas maraming bagay ang nangyayari, mas natataranta at naguguluhan sila. Hindi nila alam kung paano kilatisin ang mga usaping ito o kung paano tukuyin ang mga ito; at tiyak na hindi nila alam kung paano kilatisin ang tama sa mali sa mga usaping ito o matuto ng mga aral mula sa mga ito, at pagkatapos ay hanapin ang mga prinsipyo ng pagsasagawa sa salita ng Diyos. Hindi nila alam kung paano gawin ang mga bagay na ito. Kaya ano ang ginagawa nila? Halimbawa, kapag lumilitaw ang mga anticristo at masasamang tao sa iglesia at nililihis ang mga tao, nagsisimula silang magtaka: "Sino ba ang tama at sino ang mali? Tunay ba talaga ang daan na ito? Pagpapalain ba ako kung patuloy akong mananampalataya hanggang sa huli? Ginagawa ko ang tungkulin ko nang ilang taon na ngayon—sulit ba ang pagdurusang ito? Dapat ko bang patuloy na gawin ang tungkulin ko?" Isinasaalang-alang nila ang lahat mula sa perspektiba ng sarili nilang mga interes at hindi nila maunawaan ang anuman sa mga tao, pangyayari, at bagay na nasa harapan nila, nagmumukhang sobrang padaskol-daskol. Wala silang mga tamang kaisipan at pananaw, at gusto nilang manatili sa tabi para magmasid, tinitingnan kung ano ang mangyayari sa mga bagay-bagay. Kung titingnan mo sila, mararamdaman mong kapwa sila kahabag-habag at katawa-tawa. Kapag walang nangyayari, umaasal sila nang medyo normal, pero sa sandaling may mangyaring malaking bagay, hindi nila alam kung sa aling paninindigan nila dapat tingnan ang usaping ito, at ang mga bagay

na sinasabi nila ay sumasalamin sa mga kaisipan at pananaw ng mga walang pananampalataya. Kapag natapos na ang lahat, hindi makikita ng isang tao kung ano ang nakamit niya mula rito. Hindi ba't napakahangal ng gayong mga tao? (Oo.) Ganito mismo umaasal ang mga hangal na tao. Kaya, ano ang mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa ganitong uri ng mga tao? Batay sa kanilang mga pagpapamalas, hindi sila maituturing na mga labis na mapanlinlang at buktot na tao. Gayumpaman, mayroon silang nakamamatay na kapintasan, iyon ay na ang mga taong ito ay walang pag-iisip, walang kaluluwa, at hindi nakakikilatis ng anumang bagay. Anumang mangyari sa paligid nila, hindi nila alam ang gagawin nila, hindi alam kung sino ang pagkakatiwalaan, sino ang aasahan, o kung paano titingnan ang problema o kung saan magsisimulang lutasin ito—natataranta lang sila. Pagkatapos ng pagkataranta nila, puwede silang magkaroon ng mga pagdududa, o puwede silang pansamantalang kumalma, pero nananatiling hindi nagbabago ang nakaugalian nilang pag-aalinlangan. Batay sa mga pagpapamalas nila, yamang hindi sila maikaklasipika bilang masasamang tao, kung kasalukuyang kaya nilang gumawa ng kaunting tungkulin at kusang-loob na magtrabaho, puwede silang mapahintulutang patuloy na gawin ang tungkulin nila. Gayumpaman, batay ito sa palagay na lumilikha ng kahit kaunting resulta ang tungkulin nila. Kung ginagawa nila ang tungkulin nila nang hindi talaga tinatanggap ang katotohanan at palaging nagiging pabasta-basta, dapat silang pauwiin. Gayumpaman, kung handa silang itama ang mga pagkakamali nila, dapat silang pahintulutang manatili sa sambahayan ng Diyos at patuloy na gawin ang tungkulin nila. Dapat silang italaga sa anumang tungkuling naaangkop sa kanila. Kung hindi nila kayang gawin ang anumang tungkulin, at sadyang wala silang silbi, dapat silang ipadala sa lugar na angkop para sa kanila. Sa kasong ito, hindi na ito puwedeng ibatay sa kung handa at kusang-loob silang magtatrabaho. Hindi ba't simple ang ganitong paraan ng pangangasiwa sa mga bagay-bagay? (Oo.)

Makikilatis ba ninyo ang mga taong nag-aalinlangan? May gayong mga tao ba sa paligid ninyo? May ilang taong inalis sa iglesia noon. Ipagpalagay na isa sa kanila ang nagsasabi nito: "Nagbago na ako para sa ikabubuti. Hindi na ako nag-aalinlangan. Dati ay palagi akong nag-aalinlangan pagdating sa tunay na daan dahil, noong sinisimulan pa lang ng sambahayan ng diyos ang gawain nito sa ibang bansa, napakahirap ng mga bagay-bagay. Noong panahong iyon, napakahirap para sa mga kapatid sa iglesia na mangaral ng ebanghelyo, at kakaunti lang ang mga tao sa ibang bansa na tumanggap ng tunay na daan. Bukod pa rito, parang wala talagang kinabukasan ang pagpapalaganap ng gawain ng ebanghelyo. Kaya, palagi akong may pagdududa sa gawain ng diyos noon. Ngayong nakikita ko na ang gawain ng ebanghelyo ng sambahayan ng diyos ay lumalaganap, ang iba't ibang aytem ng gawain ay humuhusay at nagbubunga ng mga resulta, at ang mga iglesia sa iba't ibang bansa ay lalo pang umuunlad, wala na akong mga pagdududa o pag-aalinlangan. Pakiusap, hayaan ninyo akong gawin ang tungkulin ko. Huwag ninyo akong isama sa hanay ng mga pinaalis o pinatalsik!" Magiging ayos lang ba na bigyan ng pagkakataon ang gayong tao? (Hindi.) Bakit hindi? (Huwad ang

mga salita nila. Gusto lang nilang muling iugnay ang sarili nila sa iglesia dahil nakikita nilang ang gawain ng sambahayan ng Diyos ay patuloy na lumalaganap at na nagkamit na ito ng kapangyarihan. Pero sa tuwing may nangyayaring salungat sa mga kuru-kuro nila, mag-aalinlangan muli sila.) Nakilatis ba ninyo ang usaping ito? (Oo.) May mga taong isinilang na mga nag-aalinlangan. Ngayon, umiihip ang hangin sa isang direksiyon at sumusunod sila sa direksiyong iyon; bukas, iihip ito sa iba pa at susunod sila roon—kahit walang hangin, nag-aalinlangan pa rin sila sa sarili nila. Ang gayong mga tao ay hindi nagtataglay ng abilidad na mag-isip na dapat mayroon ang isang normal na tao, kaya hindi sila nakatutugon sa pamantayan ng pagiging tao. Tama ba ito? (Oo.) Kung ang isang tao ay may abilidad na mag-isip ng isang normal na tao at nagtataglay ng abilidad na makaarok na dapat mayroon ang mga tao, makikita niya na napakaraming katotohanan ang ipinahayag ng Diyos at makukumpirma na ito ay gawain ng Diyos. Bukod pa rito, napakaraming tao ang nananampalataya sa Diyos—nakikita nila ang gawain ng Diyos at ang gawain ng Banal na Espiritu araw-araw, gayundin ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos; mas tumitibay ang pananalig nila sa Diyos at nadaragdagan ang sigla nila sa paggawa ng kanilang tungkulin. Ang mga ito ba ay mga bagay na makakamit ng gawain ng tao? Iyong mga hindi nagtataglay ng abilidad na mag-isip ng isang tao, gaano kalinaw mo mang ipaliwanag ang mga usaping ito sa kanila, ay hindi kayang makumpirma na ito ay gawain ng Diyos. Wala silang abilidad na gumawa ng ganoong paghusga. Gaano man kadakila ang gawaing ginagawa ngayon ng Diyos, gaano man Siya nagsasalita, gaano karaming tao man ang sumusunod sa Kanya, gaano man karaming tao ang nakatitiyak na ito ay gawain ng Diyos, o gaano karaming tao man ang nakatitiyak na ang kapalaran ng sangkatauhan ay nasa ilalim ng kataas-taasang kapangyarihan at mga pagsasaayos ng Diyos, at na ang Diyos ay ang Lumikha, wala sa mga ito ang mahalaga sa kanila. Kung gayon, ano ang pinakamahalaga para sa kanila? Kailangan nilang personal na makita ang Diyos mula sa langit na magpakita sa kanila, at kailangan din nilang makita ang Diyos na magbuka ng bibig Niya at magsalita, personal na makita Siyang nililikha ang kalangitan, ang lupa, at ang lahat ng bagay, at personal na gumagawa ng mga palatandaan at kababalaghan, at kapag nagsasalita Siya ay kailangang magtunog-kulog ang mga salita Niya. Saka pa lang sila mananampalataya sa Diyos. Para lang silang si Tomas—gaano karaming salita man ang sinabi ng Panginoong Jesus, gaano karaming katotohanan man ang ipinahayag Niya, o gaano karaming palatandaan at kababalaghan man ang ginawa Niya noong nasa lupa Siya, wala sa mga iyon ang mahalaga kay Tomas. Ang mahalaga sa kanya ay kung totoo o hindi ang muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus matapos ang kamatayan. Paano niya kinumpirma ito? Hiningi niya sa Panginoong Jesus: “Iabot mo ang iyong mga kamay at hayaan mo akong makita ang mga marka ng pako. Kung ikaw nga ang muling nabuhay na panginoong Jesus, magkakaroon ng mga marka ng pako sa iyong mga kamay, at saka kita kikilalanin bilang ang panginoong Jesus. Kung hindi ko madarama ang mga marka ng pako sa iyong mga kamay, hindi kita kikilalanin bilang ang panginoong Jesus, ni hindi

kita kikilalanin bilang diyos." Hindi ba't isa siyang hangal? (Oo.) Ang mga ganitong tao ay naniniwala lang sa mga katunayang nakikita nila gamit ang sarili nilang mga mata at sa sarili nilang mga imahinasyon at pangangatwiran. Kahit marinig pa nila ang mga salita ng Diyos, maranasan ang Kanyang gawain, at makita ang pag-usbong, paglago, at pag-unlad ng gawain ng Diyos, hindi pa rin sila naniniwala na ito ay gawain ng Diyos. Hindi nila nakikita ang dakilang kapangyarihan ng Diyos, ang Kanyang awtoridad, at hindi nila makilatis ang kapangyarihan ng mga salita ng Diyos o ang mga resulta na puwedeng makamit ng mga ito sa mga tao. Hindi nila makita o makilatis ang alinman sa mga bagay na ito. Umaasa lang sila sa isang bagay: "Kailangang magsalita ka mula sa kalangitan nang may dumadagundong na tinig, idinedeklara na ikaw ang lumikha. Kailangang gumawa ka rin ng mga palatandaan at kababalaghan, at personal na likhain ang kalangitan, ang lupa, at ang lahat ng bagay para ipakita ang iyong dakilang kapangyarihan. Saka ako maniniwala na ikaw ang diyos, kikilalanin kita bilang diyos." Pinahahalagahan ba ng Diyos ang gayong pagkilala? Pinahahalagahan Niya ba ang gayong pananampalataya? (Hindi.) Kailangan ba ng Diyos ang iyong pagkilala para maging Diyos? Kailangan ba Niya ang iyong pagsang-ayon? Nagpahayag na ang Diyos ng napakaraming katotohanan, napakaraming tao na ang tumanggap sa gawain ng Diyos, at may napakaraming patotoong batay sa karanasan—mga patotoong higit pa sa alinmang naunang henerasyon—pero hindi mo pa rin makumpirma kung ito nga ba ang pagpapakita at gawain ng Diyos. Hindi mo pinaniniwalaan o kinikilala ang mga katunayan na nakapagsakatuparan na ang Diyos ni ang katuparan ng mga pangako Niya. Kaya, anong uri ng bagay ka? Hindi ka man lang tao—isa kang hangal! At sa kabila nito, gusto mo pa ring tumanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos—napakaimposible niyan! Nangangarap ka lang! Pinagdududahan at itinatatwa mo ang Diyos sa bawat pagkakataon, palaging gustong pagtawanan ang kasawian ng sambahayan ng Diyos. Hindi mo kailanman kinilala o pinaniwalaan ang pag-iral ng Diyos, ni hindi mo kailanman kinilala, pinaniwalaan, o tinanggap ang mga salita at gawain ng Diyos. Kaya naman, ang mga pangako ng Diyos ay ganap na walang kinalaman sa iyo, at wala kang makakamit na anuman. Sinasabi ng ilang tao, "Pero ginagawa pa rin nila ang tungkulin nila. Paanong wala silang makakamit?" Kung ganoon ay kailangan nating maging malinaw tungkol sa kung ano ang pakay nila sa paggawa ng tungkulin nila, para kanino nila ito ginagawa, at anong mga prinsipyo ang sinusunod nila sa paggawa ng kanilang tungkulin. Kung hindi mo tinatanggap ang mga salita ng Diyos, kahit ginagawa mo ang tungkulin mo, nagtatrabaho ka lang—hindi ito tunay na pagpapasakop. Hindi kinikilala ng Diyos ang ginagawa mo bilang paggawa ng iyong tungkulin. Sa mata ng Diyos, isa ka lang patay na taong walang espiritu. Ang isang patay na tao ay umaasa pa rin sa mga pagpapala—hindi ba't pangangarap lang iyon nang gising? Na nakagagawa ka pa nga ng kaunting tungkulin ay dahil lang sa inuudyukan ka ng iyong intensiyon na magkamit ng mga pagpapala. At palagi mong pinagdududahan, palaging hinuhusgahan, kinokondena, at itinatatwa ang Diyos sa loob-loob mo, at hinuhusgahan at tinatanggihan din ang Kanyang mga salita at gawain.

Ginagawa ka nitong isang tao na kaaway ng Diyos. Kaya ba ng isang tao na kaaway ng Diyos na maging pasok sa pamantayan bilang isang nilikha? (Hindi.) Itinuturing mo ang iyong sarili bilang kaaway ng Diyos sa bawat pagkakataon, lihim na minamasdan Siya at ang Kanyang gawain sa lugar na hindi nakikita, lihim na nagrereklamo laban sa Diyos sa puso mo, hinuhusgahan at kinokondena Siya, at hinuhusgahan at kinokondena ang Kanyang mga salita at gawain. Kung hindi ito pagiging kaaway ng Diyos, ano ito? Ito ay lantarang pagiging kaaway ng Diyos. At hindi ka nagiging kaaway ng Diyos sa mundong walang pananampalataya—ginagawa mo ito sa loob ng sambahayan ng Diyos. Mas lalo itong hindi mapapatawad!

Ang mga taong ito na nag-aalinlangan, tingnan man natin ang kanilang pagkataong diwa o ang kanilang mga pagpapamalas, ay hindi tumatanggap sa katotohanan at hindi tumatanggap sa mga salita at gawain ng Diyos. Iniintindi lang nila kung makatatanggap ba sila ng mga pagpapala. Hindi sila kailanman nagiging tiyak tungkol sa Diyos o sa Kanyang gawain, palaging nagmamasid nang patago, patuloy na nag-aalinlangan at nagdududa. Sinusundan nila ang Diyos habang nagmamasid, naglalakad at tumitigil, tumitigil at naglalakad. Talagang mapanggulo ang mga taong ito! Lalo ngayon, na madalas na nag-aalis ng mga tao ang iglesia, palagi silang balisa, iniisip, “Palagi akong nag-aalinlangan. Baka balang araw ay may makapansin, at mapapaalis ako sa iglesia. Hindi ko dapat ipahalata ang mga panloob na pagdududa ko tungkol sa diyos. Hindi ko dapat ito banggitin sa kahit sino.” Kaya, lihim silang nagmamasid nang patago; at hindi sila natatakot na mabunyag ng Diyos, dahil hindi sila naniniwala sa pag-iral ng Diyos, lalo na sa Kanyang pagsisiyasat. Madalas na marinig ng mga taong ito ang mga kapatid na nagbabahagi ng tungkol sa kung paano sila ginabayan ng Diyos, kung paano Niya sila dinisiplina, kung paano Niya ibinunyag ang mga tao, kung paano Niya iniligtas ang mga tao, kung paano sila pinagkalooban ng Diyos ng biyaya at mga pagpapala, at kung paano, sa proseso ng pagsunod sa Diyos, naranasan nila ang Kanyang gawain, at kung ano ang kanilang naramdaman, nakita, o pinahalagahan, at iba pa. Kapag naririnig nila ang mga kapatid na nagbabahaginan ng mga pagkaunawang batay sa karanasan na ito, iniisip nila: “Ang mga karanasan bang iyon na sinasabi ninyo ay bunga lang ng inyong imahinasyon? Mga damdamin ng tao lang ba ang mga ito? Bakit hindi ko naramdaman ang mga bagay na iyon? Lalo na iyong mga sumusulat ng mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan—hindi ko sila kilala, at hindi ko nakita kung paano nila nakamit ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng mga karanasang ito. Kung tunay ba silang nagtataglay ng katotohanang realidad ay hindi pa rin tiyak!” May ilang hangal na pinagmamasdan at kinukuwestiyon pa rin ang gawain ng sambahayan ng Diyos, hindi magawang makita kung aling mga katotohanang realidad ang nakapaloob sa mga artikulo ng patotoong batay sa karanasan na isinulat ng hinirang na mga tao ng Diyos, sinusubukang maghanap ng mga palusot at basehan para sa sarili nilang pag-aalinlangan at kawalan ng pananalig. Iniisip nila na dahil nag-aalinlangan sila, tiyak na nag-aalinlangan din ang iba. Kung may isang tao na hindi kailanman nag-aalinlangan,

walang pagdududa, at ang kanyang karaniwang pakikipagbahaginan ng katotohanan ay palaging napakapraktikal, at anumang mga problema ang nakahaharap niya, kaya niyang hanapin ang katotohanan para lutasin ang mga ito, nakararamdam ng pagkakaiba at pagkabalisa sa puso nila ang mga hangal na ito. Kapag hindi sila komportable, paano sila nakahahanap ng kaginhawahan? Naghahanap sila ng isang taong katulad na katulad nila, nagtatangkang maghanap ng kasangga. Kapag may nakita silang isang taong negatibo at mahina, ipinahihiwatig nila ang sarili nilang mga kaisipan para subukan ang reaksiyon nito, sinasabing: “Minsan, nakararamdam din ako ng pagiging negatibo. Kapag nakararamdam ako ng pagiging negatibo, alam kong hindi ako dapat na maging ganoon, pero minsan ay nagdududa ako kung talaga bang umiiral ang diyos.” Kung hindi sumagot ang kausap nila at nakita nilang negatibo at mahina lang ang taong iyon pero walang pagdududa sa Diyos, magsasabi sila ng iba pang bagay na hindi taos-puso para umalis at subukan ang iba pang tao: “Sa tingin mo, bakit kaya ako ganito? Ayos lang naman akong nananampalataya sa diyos, pero bakit palagi akong may mga pagdududa sa kanya? Hindi ba’t mapaghimagsik iyon? Hindi ito dapat ganito!” Sinasabi nila ito para ganap na sumipsip sa ibang tao at subukan ito. Sabik silang umaasa na kinukuwestiyon ng ibang mga tao ang Diyos tulad nila—magpapasaya sa kanila iyon! Kung makahahanap sila ng ibang tao na palaging nagdududa sa Diyos at palaging may mga kuru-kuro sa Kanya, nararamdaman nilang masuwerte sila na nakatagpo ng isang kasangga. Ang dalawa, na may parehong maruming pag-iisip, ay madalas na nagtatapat sa isa’t isa. Habang mas nag-uusap sila, mas napapalayo sila sa Diyos. Habang mas nag-uusap sila, mas ayaw nilang gawin ang tungkulin nila, at mas ayaw nilang basahin ang mga salita ng Diyos, at gusto pa nga nilang tumigil sa paglahok sa buhay iglesia. Unti-unti, humahantong ang dalawa sa paglabas sa mundo para magtrabaho, kumakapit sa isa’t isa na parang hindi mapaghihiwalay na magkapareha, nakaakbay sa isa’t isa habang umaalis silang magkasama. Kapag umalis sila, hindi man lang sila nagdadala ng kahit isang aklat ng mga salita ng Diyos. May nagtatanong sa kanila, “Tumigil ka na ba sa pananampalataya sa Diyos?” at sumasagot sila, “Hindi, nananampalataya ako.” Mapagmatigas pa rin nilang itinatanggi ito. Tinatanong ng ibang tao, “Kung ganoon, bakit wala kang dalang anumang aklat ng mga salita ng Diyos?” at sumasagot sila, “Napakabigat ng mga iyon, at wala akong mapaglalagyan ng mga iyon.” Ang lahat ng sinasabi nila ay para lang magpalusot sa ibang tao. Sa katunayan, naghahanda lang silang bumalik sa mundo, maghanap ng trabaho, at isabuhay ang buhay nila. Sinasabi Ko sa inyo ang katotohanan: Ang mga ganitong uri ng tao ay mga hindi mananampalataya, at ito ang kanilang magiging panghuling kalalabasan—ganito talaga sila. Hindi magtatagal ang pananampalataya nila sa Diyos. Sa sandaling matagpuan nila ang isang taong gusto nila, isang taong mababahaginan nila ng kanilang mga pinakatatagong kaisipan, iniisip nilang, “Sa wakas, nakatagpo na ako ng isang taong susuporta sa akin, isang taong masasandigan ko. Tara! Sobrang nakakabagot ang manampalataya sa diyos. Wala namang diyos sa mundong ito. Masyadong mahirap tiisin na tratuhin ang isang bagay

na hindi umiiral bilang tunay. Napakahirap nitong mga nakaraang taon!” Umaalis sila at tumitigil sa pananampalataya nang kusa, at sinasabi pa nga sa mga kapatid na huwag silang hanapin, sinasabing, “Pumasok na kami sa trabaho. Huwag na ninyo kaming tawagan, o ipaaalam namin ito sa pulisya!” Itong dalawang hangal na ito, isang pares ng mga mapurol ang isip, ay umaalis nang ganoon-ganoon lang. Mabuti na rin ito, sabi Ko—hindi na mamomroblema ang sambahayan ng Diyos sa pagpapatalsik o pagpapaalis sa kanila. Sabihin ninyo sa Akin, kailangan bang makipagbahaginan sa katotohanan sa mga ganitong uri ng tao para suportahan at tulungan sila? Kailangan bang subukang mangatwiran sa kanila at hikayatin sila? (Hindi.) Kung susubukan ninyong hikayatin sila, sobra kayong hangal. Ang mga ganitong uri ng tao ay mga hindi mananampalataya sa kanilang kaibuturan—sila ay mga naglalakad na bangkay at mga walang utak. Kung susubukan mo silang hikayatin, hangal ka rin. Dapat kang kaagad na masayang magpaalam sa ganitong uri ng mga tao—at hindi na kailangang hanapin pa sila pagkatapos. Nilinaw na nila na hindi na sila mananampalataya sa Diyos, at kapag tinawagan mo ulit sila, isusumbong ka nila sa pulisya. Kung susubukan mo pa ring makipag-ugnayan sa kanila, hindi ba’t nag-aanyaya ka lang ng problema? Kung talagang tumawag sila sa pulis at akusahan ka ng panliligalig, makalilikha ba iyon ng magandang reputasyon kung kumalat ang balita? (Hindi.) Huwag na huwag kang gumawa ng labis na kahangalan! Hayaan mo silang alagaan ang sarili nila at umalis nang tahimik—mas mabuting diskarte ito! Ang bawat tao ay sumusunod sa sarili nilang landas; ang landas ng bawat tao ay nakasalalay sa kung sino sila. Hindi sila pinagpala, sadyang bulok at walang silbi ang buhay nila. Ang gayong napakalaking pagpapala ay lampas sa abilidad nilang manahin o tamasahin—sadyang hindi sila masuwerteng matanggap ito. Ang matanggap ang probisyon ng mga salita ng Diyos at matanggap ang katotohanan bilang buhay ay ang pinakadakilang pagpapala sa buong sansinukob at sa lahat ng sangkatauhan. Ang sinumang makatatanggap sa katotohanan ay isang pinagpalang tao, at sinumang hindi makatatanggap sa katotohanan ay sadyang wala ng pagpapalang ito. Darating ang araw, iyong mga tumanggap ng katotohanan ay makaliligtas sa malalaking kalamidad at lubos na pagpapalain, samantalang iyong mga hindi tumanggap sa katotohanan ay mamamatay sa mga sakuna at magdurusa sa kalamidad, at sa panahong iyon, magiging huli na para sa pagsisisi. Kahit na kinikilala mo na ngayon na ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan at na ang gawain ng Diyos ay ginawa ng Diyos Mismo, kung hindi mo hinahangad ang katotohanan, hindi tinatanggap ang katotohanan, at hindi pumapasok sa katotohanan, hindi ka pa rin magkakamit ng gayong pagpapala! Iniisip mo bang napakadaling makamit ang pagpapalang ito? Ito ay isang pagpapalang hindi kailanman umiral mula sa simula ng panahon at hindi na muling iiral kailanman—paano ka mapahihintulutang kamtin ito nang napakadali? Ipinangako ng Diyos ang gayong pagpapala sa sangkatauhan, pero hindi ito isang bagay na puwedeng makamit ng mga ordinaryong tao. Ang pagpapalang ito ay para sa hinirang na mga tao ng Diyos, at imposible para sa isang hangal na mapurol

ang isip, naglalakad na bangkay, basura, o salbahe na mapili. Isinasagawa ng Diyos ang tatlong yugto ng gawain para iligtas ang sangkatauhan, at sa huli, gagawa Siya ng isang grupo ng mga mananagumpay, binibigyang-kakayahan ang mga taong ito na maging mga panginoon ng lahat ng bagay at na maging isang bagong sangkatauhan. Napakalaking pagpapala nito para sa sangkatauhan! Ilang taon nang nangyayari ang yugtong ito ng gawain ng paghatol sa mga huling araw? (Higit sa tatlumpung taon.) Sa pagtingin lang sa mahigit tatlumpung taon na ito, makikita na kung gaano kalaki ang halagang binayaran ng Diyos at kung gaano karaming gawain ang ginawa Niya, kaya malinaw kung gaano labis na kahalaga at kung gaano labis na karangal ang sangkatauhang makakamit ng Diyos sa huli, at na ang sangkatauhang ito ay katangi-tangi at napakahalaga sa mata ng Diyos! Napakapalad ninyo, kung ganoon; ito ay isang napakalaking pagpapala para sa inyo! Kaya naman, para sa ilang tao na hanggang ngayon ay nag-aalinlangan pa rin, tunay na hindi sila pinagpala! Kahit hindi pa sila nag-alinlangan at ganap na nakatuon sa pagsunod, kung hindi naman nila hinahangad ang katotohanan, hindi pa rin nila makakamit ang pagpapalang ito. Kaya't iyong mga makatatanggap ng pagpapalang ito sa huli ay mga hindi karaniwang tao—sila iyong mga mahigpit at paulit-ulit na sinubok at maingat na pinili ng Diyos; sila ang mga tao na makakamtan ng Diyos sa huli.

Ang mga pangunahing pagpapamalas ng mga taong nag-aalinlangan ay ang mga isyung ito mismo. Anuman ang kanilang magiging pinakahuling kalalabasan, sa anumang pagkakataon, kapag ang gayong mga tao ay natukoy sa loob ng iglesia, dapat silang pangasiwaan ayon sa mga prinsipyo. Hindi sila dapat tratuhin bilang mga kapatid. Kung may mga positibong damdamin sila sa pananampalataya sa Diyos o kaya nilang magsikap nang kaunti at handang magtrabaho nang kaunti, sa pinakamataas, sila ay isang kaibigan ng iglesia, at hindi puwedeng ituring bilang isang kapatid. Kaya, kahit pa magpalit sila ng pangalan, tulad ng "Pagpapasakop" o "Pagiging Taos-puso," hindi mo pa rin sila dapat tawaging kapatid—ang pagtawag sa kanila sa kanilang bagong pangalan ay sapat na. Bakit ganito? Dahil ang gayong mga tao ay hindi nakasasapat na maging mga kapatid. Nauunawaan mo na ba ngayon? (Oo.) Kaya, mayroon ka na ngayong mga prinsipyo para sa pangangasiwa sa mga ganitong uri ng tao, tama? (Oo.) Iyon na lang ang para sa pagbabahaginan sa araw na ito. Paalam!

Hunyo 29, 2024

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (28)

Ikalabing-apat na Aytem: Agarang Kilatisin, at Pagkatapos ay Paalisin o Patalsikin ang Lahat ng Uri ng Masasamang Tao at mga Anticristo (Ikapitong Bahagi)

Ang ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay ang “agarang kilatisin, at pagkatapos ay paalisin o patalsikin ang lahat ng uri ng masasamang tao at mga anticristo.” Noong nakaraan, nagbahaginan tayo tungkol sa ikalawang pamantayan para sa pagkilatis sa iba’t ibang uri ng masasamang tao, na nakabatay sa kanilang pagkatao, sinasaklawan ang tatlong pagpapamalas. Basahin ang tatlong pagpapamalas na ito. (Ikawalo, pagkakaroon ng kakayahang magkanulo anumang oras; ikasiyam, pagkakaroon ng kakayahang umalis anumang oras; ikasampu, pag-aalinlangan.) Pagkatapos magbahaginan tungkol sa tatlong pagpapamalas na ito, nauunawaan ba ninyo ang mga ito? (Oo.) Karamihan sa mga taong may ganitong mga problema ay karaniwang walang abilidad na maarok ang katotohanan; hindi nila nauunawaan kung ano ang katotohanan, ni hindi nila nauunawaan kung ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos. Bukod pa rito, hindi kayang makilatis ng ilan sa kanila kung tungkol saan talaga ang pananampalataya sa Diyos. Iniisip nila na ang pananampalataya sa Diyos ay isang relihiyosong pananalig lang at na ang basta pagsunod sa mga relihiyosong ritwal ay sapat na. Hindi nila nauunawaan ang kabuluhan ng pananampalataya sa Diyos, ni hindi nila nauunawaan ang kabuluhan ng paggampan sa tungkulin; hindi rin malinaw sa puso nila ang tungkol sa kung umiiral ba ang Diyos, at hindi sila sigurado kung tama ba ang landas ng pagsunod sa Diyos. Gaano karaming taon man silang nanampalataya, o gaano karaming sermon man ang narinig nila, hindi sila kailanman nakapagtatag ng pundasyon sa tunay na daan. Dahil dito, nag-aalinlangan sila, at kung may mangyaring hindi nila ikalulugod, maaari pa nga nilang iwan ang iglesia o ipagkanulo ang iglesia anumang oras. May mga partikular na prinsipyo ang sambahayan ng Diyos para sa pangangasiwa sa ilang uri ng tao na ito. Depende sa iba’t ibang sitwasyon nila, may mga partikular na plano para sa pangangasiwa at paglutas sa kanila; iyong mga dapat paalisin ay paaalisin at iyong mga dapat patalsikin ay patatalsikin. Bagaman hindi masasamang tao ang ilan sa mga taong ito, at lalong hindi sila mga anticristo, batay sa kalikasan ng mga pagpapamalas nilang ito at mga saloobin nila sa pananampalataya sa Diyos, hindi sila mga tao ng sambahayan ng Diyos, ni hindi sila mga tunay na kapatid. Kahit manatili pa sila sa iglesia, magiging napakahirap para sa kanila na maunawaan ang katotohanan. Ano ang mga implikasyon ng pagiging mahirap para sa kanila na maunawaan ang katotohanan? Ibig sabihin nito na dahil hindi nila kailanman maaarok ang mga salita ng Diyos at hindi kailanman mauunawaan ang katotohanan, sa huli ay mabibigo silang makamit ang kaligtasan at mabibigo silang makamit ng Diyos. Ibig sabihin, sa huli, hindi

sila maaaring maging mga tao ng sambahayan ng Diyos, hindi maaaring maging mga tunay na nilikha, at hindi makapagsasakatuparan ng tungkulin ng mga nilikha at makababalik sa harap ng Diyos. Bukod pa rito, madalas silang gumaganap ng negatibong papel sa iglesia. Hindi lang sila bigong magkaroon ng positibong epekto, kundi paminsan-minsan, nagdudulot din sila ng mga kaguluhan at pagkawasak, naaapektuhan ang mga kalagayan ng ilang tao at nagugulo ang ilan sa mga gumagampan ng tungkulin nila. Samakatwid, dapat magpatupad ang iglesia ng mga kaukulang hakbang para pangasiwaan sila, sa pamamagitan man ng paghihikayat sa kanilang umalis, o sa pamamagitan ng pagpapaalis sa kanila o pagpapatalsik sa kanila. Sa anumang kaso, hindi sila maaaring pahintulutang magdulot ng mga pagkagambala at kaguluhan sa iglesia.

Ang mga Pamantayan at Batayan Para sa Pagkilatis sa Iba't Ibang Uri ng Masasamang Tao

II. Batay sa Pagkatao ng Isang Tao

J. Pag-aalinlangan

Hindi kailanman makumpirma ng mga taong nag-aalinlangan kung umiiral ba talaga ang Diyos, at lalong hindi nila makumpirma kung ang Diyos ba na pinananampalatayaan nila ay ang tunay na Diyos. Ngayon gusto nilang maghanap dito, at bukas gusto nilang tingnan ang mga bagay-bagay roon, hindi nalalaman kung alin ang tunay na daan, palaging nagkikimkim ng saloobin na maghintay-at-magmasid. Sa kaso ng ganitong mga tao, kaagad silang hikayating umalis, sa pamamagitan ng pagsasabing: "Hindi mo kailanman makumpirma na ang gawain ng Diyos ay ang tunay na daan, at hindi mo hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga paghihirap mo. Ano ang magiging resulta ng patuloy na pananampalataya nang ganito? Dahil hindi mo minamahal ang katotohanan at hindi ka nasisiyahan sa pamumuhay ng buhay iglesia, dapat pumunta ka sa kung saan ka man interesado, batay sa sarili mong mga pagpili. Hindi ba't gusto mong hangaring mangibabaw sa iba at magkamit ng malaking tagumpay? Kung gayon, dapat kang lumabas sa mundo at magsikap para dito. Baka yumaman ka o maging isang opisyal at makamit ang mga pangarap mo sa mundo. Hindi ka na dapat pang magtagal sa sambahayan ng Diyos." Sa kaso ng gayong mga tao, hindi mo sila dapat puwersahin o subukang hikayatin na manatili sa anumang paraan. Kung gusto nilang iwan ang iglesia, hayaan silang umalis. Ang palaging paghihikayat sa mga hindi mananampalataya na ito at pag-uudyok sa kanilang manatili ay hindi naaayon sa mga layunin ng Diyos. Hindi kailanman pinupuwersa ng gawain ng Diyos ang mga tao, at kapag patuloy mong hinihila at hinahatak iyong mga hindi makapagpasya, may elemento ng pamumuwersa rito. Gusto ng mga taong ito na lumabas para magtrabaho, kumita ng pera, at mamuhay nang matiwasay, o maghangad ng mga bagay na personal nilang gusto. Taglay nilang palagi ang mga intensyong ito, at taglay nilang palagi ang sarili nilang mga mithiin at plano. Bagaman walang nakaaalam nito, ibinunyag na ito ng pag-uugali nila. Halimbawa,

kapag ginagawa ang tungkulin nila, madalas silang walang sigla, o madalas silang makakalimutin, pabaya, at pabasta-basta lang. Madalas silang nagpapakita ng partikular na pag-aatubiling gawin ang tungkulin nila, palaging nararamdamang tila nawawalan sila, iniisip na ang paggampan sa tungkulin nila ay humahadlang sa kanilang kumita ng pera. Para sa ganitong mga tao, dapat silang hikayating umalis, sa pamamagitan ng pagsasabing: “Palagi kang walang sigla at pabaya sa paggampan sa iyong tungkulin, at sa huli, mabibigo kang makamit ang katotohanan, at hindi ka sasang-ayunan ng Diyos—magiging isang malaking kawalan iyon! Dahil hindi ka interesado sa katotohanan, dahil hindi mo magawang makumpirma ang pag-iral ng Diyos o ang kataas-taasang kapangyarihan Niya, at iniisip na kamangha-mangha ang mundo, naniniwalang kung hahangarin mo ang mundo ay maaari kang maging sobrang matagumpay at mangingibabaw sa iba, mas mabuti para sa iyo na bumalik sa mundo at magsikap doon. Ano ang saysay ng pagtitiis ng paghihirap na ito rito?” Sa partikular, madalas na pakiramdam ng mga taong ito na may kahusayan sila sa isang partikular na larangan, na mayroon silang ilang kasanayan at kapabilidad, at naniniwalang kung makikipagsapalaran sila sa lipunan o sa mundo, maaari silang magkamit ng parehong kasikatan at kayamanan, magtatamasa ng mataas na katayuan at kabayaran. Gayumpaman, matapos manampalataya sa Diyos at magpabasta-basta ng ilang taon, hindi sila nakatanggap ng anumang mga promosyon o napili para sa anumang mahalagang posisyon. Dahil hindi nila magawang mangibabaw sa iba, nakararamdam sila ng labis na pagkaagrabyado at matinding pag-ayaw sa puso nila. Ayaw nilang tahakin ang landas ng pananampalataya sa Diyos, at mas lalong ayaw na gawin ang tungkulin nila. Palagi silang may hindi mapakaling puso at lumilipad na isip, at pabago-bago at hindi matatag. Paminsan-minsan, iniisip nila ang tungkol sa kung paanong nakakuha ng magagandang trabaho, nagkamit ng gayong katataas na posisyon, at namumuhay ng buhay na superyor kaysa sa iba ang mga kaklase at kaibigan nila, na lalong nagpaparamdam sa kanila na labis nilang naaagrabyado ang kanilang sarili sa pananampalataya nila sa Diyos, at iniisip na sila ay walang silbi, walang kakayahan, at isang kabiguan dahil sa pananampalataya nila sa Diyos, labis na nahihiyang harapin ang kanilang mga magulang at ninuno. Nagiging sanhi ito para lalo pa silang mabalisa at umayaw, at labis nilang pinagsisisihan ang pagpiling manampalataya sa Diyos sa simula pa lang! Kaya’t lalo pang nag-aalinlangan ang isipan nila. Sa mga taon ng pananampalataya sa Diyos at paggampan sa kanilang tungkulin, hindi lang na hindi lumakas ang pananalig nila, kundi nawala rin ang dating sigasig na mayroon sila. Paano sa palagay ninyo dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? (Hikayatin silang umalis.) Kung hihikayatin mo silang umalis, maaaring sabihin nilang, “Nanampalataya ako sa diyos nang napakaraming taon, isinakripisyo ang aking edukasyon, pag-aasawa, at kinabukasan. Ngayon sinasabi mo sa aking iwan ang iglesia—hindi ba’t ibig sabihin niyon na ang lahat ng tiniis kong paghihirap sa mga taon na ito ay para lang sa wala? Hindi ba’t hindi na talaga ako magkakaroon ng destinasyon sa hinaharap? Magiging kawalan iyon sa parehong aspekto. Hindi ba’t parang pagkitil

na rin iyon sa buhay ko?” Napakawalang puso ba ang hikayatin silang umalis? Naaangkop bang gawin ito? (Hindi kailanman ginustong manampalataya sa Diyos ng gayong mga tao sa simula pa lang. Nanloko lang sila para makapasok sa iglesia para tumanggap ng mga pagpapala. Kapag nakikita nilang palaging nakatuon ang iglesia sa pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos at sa pakikipagbahaginan sa katotohanan, nakararamdam sila ng pagtutol sa mga bagay na ito at gusto nilang umalis. Dapat hikayating umalis ang gayong mga tao. Bagaman maaaring mapanatili mo sila, hindi mo mapananatili ang puso nila.) Kung ginagawa nila ang tungkulin nila nang may kaunting pagiging taos-puso pero simpleng walang kalinawan sa katotohanan, o pansamantala silang nagiging medyo negatibo at mahina dahil may mga kinakaharap silang sagabal at kabiguan o nakaranas na mapungusan, sa ganitong mga kaso, maaari mong ibahagi ang katotohanan para tulungan at suportahan sila. Gayumpaman, ipagpalagay na ang kahinaan nila ay hindi pansamantala, kundi sa halip ay palagi silang pabaya at pabasta-basta sa paggampan sa tungkulin nila, at ginagawa ito nang walang sigla, at nasisiyahan lang na hindi sila pinaaalis; at ipagpalagay na ginagawa nila ang tungkulin nila nang walang sinseridad o pag-udyok, o, para sabihin ito nang mas tumpak, wala silang mga layon ng paghahangad at nagpapalipas lang ng mga araw—kung magiging malinaw na ganitong uri sila ng tao, maaari silang hikayating umalis.

Mga hindi mananampalataya ang ilang tao. Kung malinaw mong nakikita na sila talaga ay mga tao na hindi nagmamahal sa katotohanan at ayaw kahit ang magtrabaho, dapat silang hikayating umalis. Ang mga pangunahing pagpapamalas nila ay na hindi sila kailanman nagbabasa ng mga salita ng Diyos, hindi kailanman nag-aaral ng mga himno, hindi kailanman nakikinig sa mga sermon, at hindi kailanman nakikipagbahaginan sa katotohanan o nagsasalita ng tungkol sa pagkilala sa sarili nila. Hindi rin nila gustong makinig sa mga patotoong batay sa karanasan ng mga kapatid. Hindi nila kailanman pinanonood ang mga pelikula o mga video ng himno o mga video ng patotoong batay sa karanasan na ginawa ng sambahayan ng Diyos, at kahit gawin pa nila ito, para lang ito sa paglilibang o dahil sa pagkamausisa, na sa ganitong kaso ay may pag-aatubili lang silang nanonood nang kaunti; at ganap na hindi ito dahil sa anumang pagpapahalaga sa pasaning kaugnay sa sarili nilang buhay pagpasok, kundi nanonood lang para sa kasiyahan at katuwaan nito. Saan nila ginugugol ang karamihan ng oras nila? Sa pakikipag-usap, pakikipagtsismisan, o pag-oonline para tingnan ang mga bagay na gusto nila. Halimbawa, may ilan sa kanilang mahilig sa stock market at palaging sinusuri ang mga kalakaran sa stock online; may ilang mahilig sa mga sasakyan o mga elektronikong produkto at palaging tumitingin online para makita kung aling mga tatak ang naglabas ng mga bagong modelo o lumikha ng ilang bagong teknolohiya; may ibang mahilig manood ng mga ulat ng balita online na gawa ng self-media; at may ilang mahilig sa kagandahan, makeup, o pangangalaga sa kalusugan at madalas pumupunta online para magbasa ng mga bagay tungkol sa kagandahan, pangangalaga sa kalusugan, o mga paraan para mapanatili ang mabuting kalusugan at magkamit ng mahabang buhay.

Ang mga taong ito ay walang anumang interes sa iba't ibang katotohanang kailangang pasukin ng mga mananampalataya para maligtas, o sa mga patotoong batay sa karanasan ng mga kapatid. Bukod sa may pag-aatubiling paggampan sa kaunting tungkulin, palagi silang nakatuon sa nagbabagong sitwasyon ng walang pananampalatayang mundo, at sa kung ano ang mga bagong uso at mahahalagang balitang mayroon sa mundo, at mga kaganapan sa sarili nilang bansa, at iba pang bagay. Tinitingnan lang nila ang ganitong uri ng impormasyon. Dahil sa pagtingin nila sa ganitong mga bagay sa lahat ng oras, puno lang ang puso nila ng gayong mga usapin, at ganap nilang binabalewala ang mga katotohanang dapat nilang maunawaan bilang mga mananampalataya sa Diyos. Sinuman ang nakikipagbahaginan sa kanila, hindi nila ito tinatanggap. Hindi sila interesado o nababahala tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa buhay pagpasok, tulad ng kung anong mga prinsipyo ang dapat nilang sundin sa paggampan sa tungkulin nila, kung anong mga tiwaling disposisyon ang nabubunyag sa kanila at kung anong mga problema ang umiiral habang ginagawa nila ang kanilang tungkulin, at alin sa iba't ibang hinihingi ng Diyos sa mga tao ang natugunan na nila at hindi pa nila natutugunan. Bagaman ginagawa nila ang tungkulin nila, nagpapabasta-basta lang sila, hindi nila hinahanap ang mga katotohanang prinsipyo kahit bahagya. Bagaman sinasabi ng gayong mga tao na mga mananampalataya sila ng Diyos, ang panloob na gusto nila at pinagtutuunan ay pera, katayuan, at mga kalakaran ng walang pananampalatayang mundo, at gusto nilang makihalubilo sa mga sumusunod sa mga kalakaran ng walang pananampalatayang mundo. Kapag pinag-uusapan ang mga usapin ng walang pananampalatayang mundo, ginagawa nila ito nang may labis na kasiyahan at walang kapagurang kasiglahan, nagsasalita nang mahusay at naglilitanya nang mahaba tungkol dito, pero kapag nakakasama nila iyong mga mahilig makipagbahaginan tungkol sa katotohanan, wala silang masabi. Kapag sinasabi ng isang kapatid, "May himnong napakaganda, naisaulo ko na lahat ng liriks nito," sinasabi nila nang wala sa loob, "Naisaulo mo na ito. Ang galing naman." Kapag sinasabi ng isang kapatid, "Napakaganda ng patotoong batay sa karanasan ni Sister Ganito-at-ganyan!" sinasabi nila, "Napakarami na ng video ng patotoong batay sa karanasan ngayon, mayroon bang hindi maganda? Napakaganda ng lahat ng iyon." Sumasagot lang sila sa ganito kababaw na paraan; sa katunayan, wala silang interes sa katotohanan at hindi sila magkaintindihan ng mga kapatid. Kapag may nagtatanong sa kanila, "Nagdarasal ka ba kapag nahaharap sa mga sitwasyon?" sumasagot sila, "Magdasal nang paano? Magdasal tungkol saan?" Hindi sila nagdarasal, ni wala silang anumang masabi sa Diyos. Ang mga taong ito ay walang interes sa anumang may kinalaman sa pananampalataya sa Diyos, at ang puso nila ay puno ng lahat ng uri ng bagay mula sa walang pananampalatayang mundo. Ano sa palagay ninyo—may problema ba ang gayong mga tao? (Mayroon.) Kung nakikita mong palagi silang walang sigla sa paggampan sa kanilang tungkulin, at kapag itinalaga sa anumang gampanin, lubhang nawawalan sila ng pasensya, nagrereklamo sa sandaling nagdurusa sila ng kaunting paghihirap, at pagkatapos ng ilang taon ng pananampalataya sa Diyos, madalas

silang nagbubunyag ng mga kaisipang tulad ng, “Nalugi ako sa pananampalataya sa diyos. Kung hindi ako nanampalataya sa diyos, tumaas na sana ngayon ang suweldo ko nang ganito-at-ganyang kalaki, at nagtatamasa na sana ako ng ganito-at-ganyang katayuan, at ng ganito-at-ganyang marangyang paraan ng pamumuhay,” paano dapat pangasiwaan ang gayong mga tao? (Dapat silang hikayating umalis.) Hikayatin na lang na umalis ang gayong mga tao at huwag na silang hayaang gumawa ng anumang tungkulin, dahil ayaw nila kahit ang magtrabaho man lang. Iniisip nilang matitiis pa ang simpleng pagdalo sa mga pagtitipon bilang mananampalataya, pero ang paggampan sa tungkulin nila at pagsunod sa Diyos ay humahadlang sa malalaking gawain nila. Pakiramdam nila na ang paggampan sa tungkulin nila at pagsunod sa Diyos ay isang malaking balakid sa paghahangad nila ng kaligayahan. Naniniwala sila na kung hindi nila ginagampanan ang tungkulin nila, matagal na sana silang umangat sa iba, naging isang mataas na opisyal at kumita ng maraming pera sa mundo. Kaya bakit natin sila pipigilan? Kaya, ang paghihikayat sa kanilang umalis ay makabubuti para sa lahat. Ang pamumuwersa sa kanila o pagsisikap na kumbinsihin silang manatili ay magiging isang malaking pagkakamali. Dapat ninyong hikayatin ang gayong mga tao nang ganito: “Bakit mo piniling manampalataya sa Diyos? Kailanman ba ay makakamit mo ang katotohanan kung hindi ka interesado sa katotohanan at palagi kang puno ng mga pagdududa sa Diyos? Ikaw ay isang tao na may mga ideya, mga diploma, at talento—kung masigasig kang magsisikap sa mundo, tiyak na maaari kang maging isang presidente o CEO ng isang kompanya, o maging isang milyonaryo o bilyonaryo. Sa pagraraos lang nang ganito sa sambahayan ng Diyos, una sa lahat, hindi ka makaaangat sa iba; pangalawa, hindi ka magkakamit ng malaking tagumpay; at panghuli, hindi ka makapagdadala ng kaluwalhatian sa iyong mga ninuno. Bukod pa rito, kapag ginagampanan mo ang iyong tungkulin, palagi kang pabaya, na nagdudulot sa iyong mapungusan, iniiwan kang nanlulumo sa lahat ng oras. Bakit mo titiisin ang ganitong pagdurusa? Dapat kang makipagsapalaran sa mundo, sa politika man o negosyo, at tiyak na magkakamit ka ng partikular na antas ng tagumpay para sa sarili mo. Iba ka sa amin: Mayroon kang mga diploma at talento, at isa kang marangal na indibidwal—hindi ba’t hindi karapat-dapat sa iyo na manampalataya sa Diyos kasama naming mga ordinaryong tao? Gaya ng madalas sabihin ng mga walang pananampalataya, ‘Ang mundo ay puno ng oportunidad para sa iyo’—dapat samantalahin mo ang katunayang may panahon pang natitira sa mundo para maghangad ng kaunting kasikatan, pakinabang, at katayuan habang may pagkakataon ka pa. Huwag mong agrabyaduhin ang sarili mo sa pamamagitan ng pananatili rito.” Angkop na paraan ba ito para hikayatin sila? Medyo maingat ang pagkakasabi, hindi ba? (Oo.) Hindi ito nakasasakit sa kanila, at pagsasabi rin ito ng gusto nilang marinig. Sa tingin Ko ay angkop ang ganitong pamamaraan, ginagawa nitong madali para sa kanila na tanggapin ang payo, at matapang silang makaaalis nang walang anumang mga alalahanin. Kapag pinangangasiwaan ang ganitong uri ng mga tao, kung nakatitiyak kang sila ay mga hindi mananampalataya, at nakikita mong wala

talaga silang anumang sigasig para sa pananampalataya sa Diyos, na hindi sila kailanman taos-puso sa paggampan sa tungkulin nila, at na hindi sila kailanman nagkamit ng anumang buhay pagpasok—at malamang ay hindi nila ito makakamit kalaunan—dapat silang hikayating umalis. Kung hindi mo sila hihikayating umalis, palagi silang magkakaroon ng isang pabaya at maligamgam na saloobin sa paggampan sa tungkulin nila, at maaaring dumating ang panahon na magdudulot sila ng isang malaking sakuna.

K. Pagiging Duwag at Mapaghinala

Natapos na nating pagbahaginan ang ikasampung pagpapamalas—pag-aalinlangan. Ngayon, sunod naman nating tingnan ang ikalabing-isang pagpapamalas—ang pagiging duwag at mapaghinala. Ano ang mga pagpapamalas ng mga duwag na tao? (Natatakot ang mga duwag na tao kapag nahaharap sa pag-aresto at pag-uusig. Gusto nilang gawin ang kanilang tungkulin pero hindi sila naglalakas-loob.) Isa lang iyong maliit na aspekto. Ang pangunahing isyu ay na mayroon silang pananaw tungkol sa pananampalataya sa Diyos: Pakiramdam nila palagi na parang hindi nababagay sa mundong ito ang mga mananampalataya sa Diyos; pakiramdam nila na kahiya-hiya ang pananampalataya nila sa Diyos. Lalo na sa ilang awtoritaryang bansa o mga bansang walang kalayaang panrelihiyon, kung saan hindi lang sa hindi pinoprotektahan ng batas ang mga mananampalataya sa Diyos kundi isinasailalim din sa pag-uusig, may ilang tao na hindi naglalakas-loob na aminin na nananampalataya sila sa Diyos at natatakot na malaman ito ng iba. Pakiramdam nila na ang pananampalataya sa Diyos ay hindi isang bagay na hayagan at marangal. Bagaman alam nilang nananampalataya sila sa tunay na Diyos, wala silang nararamdamang anumang dangal dito, ni wala silang kumpiyansa. Kapag may anumang palatandaan ng problema o kapag nakita nilang inaaresto, inuusig, inaapi, at itinatakwil ng pamahalaan ang mga mananampalataya, lalo silang nag-aalala na baka madamay sila. Sa gayong mga sitwasyon, may ilang tao na mabilis na inihihiwalay ang sarili nila sa iglesia, nagmamadali pa ngang ibalik ang mga aklat sa sambahayan ng Diyos. Ang iba naman, dahil sa takot na maaresto, ay hindi na naglalakas-loob na dumalo sa mga pagtitipon at hindi na naglalakas-loob na batiin ang mga kapatid kapag nagkikita sila. Lalo na sa mga taong medyo kilala sa pananampalataya ng mga ito o dati nang naaresto, mas lalong hindi sila naglalakas-loob na makipag-ugnayan sa mga ito—ganito katindi ang karuwagan nila. Mas malala pa, pagkarinig na nagpasimula ang pamahalaan ng mga malawakang pag-aresto, nagmamadali silang pumunta sa mga awtoridad para maagap na aminin na dati silang nanampalataya sa Diyos at alam nila kung sinu-sino ang nananampalataya, maagap na ipinagkakanulo ang mga ito at isinusuko ang mga aklat ng mga salita ng Diyos at iba pang mga materyales na may kaugnayan sa pananampalataya sa Diyos kapalit ng kaluwagan, na may nag-iisang pakay ng pangangalaga sa sarili nila. Sabihin mo sa Akin, hindi ba't mga pagpapamalas ang mga ito ng pagiging duwag? (Oo.) Lalo na para sa ilang tao, matapos manampalataya sa Diyos, palagi silang natatakot na malaman ng iba ang tungkol sa pananalig nila, at

mas natatakot pa sila na kung may isang maaresto, ipagkakanulo sila. Sa sandaling may sinumang makaalam na nananampalataya sila sa Diyos, nagmamadali silang magpaliwanag na hindi na sila nananampalataya, nagmamadali pa ngang gumawa ng mga bagay para patigilin ang mga walang pananampalataya na pagdudahan sila ng pagiging isang mananampalataya. Halimbawa, nagtataguyod sila ng mga koneksiyon sa mga walang pananampalataya, kumakain, nagpa-party, nagsusugal, umiinom ng alak nang magkakasama, at iba pa. Sa pinakamaliit na senyales ng panganib, hindi na sila naglalakas-loob na dumalo sa mga pagtitipon at hindi na ginagawa ang tungkulin nila, binabalewala ang sinumang sumusubok na makipag-ugnayan sa kanila. Kapag payapa ang lahat, iniisip nila kung paanong ang pananampalataya sa Diyos ay nagdadala ng mga pagpapala, pinahihintulutan ang isang tao na makaiwas sa kamatayan, at pinahihintulutan ang isang tao na makapunta sa langit at magkaroon ng isang mabuting destinasyon—puno sila ng sigla sa pananampalataya sa Diyos. Pero sa sandaling nahaharap sila sa isang medyo mapanganib na sitwasyon, nawawala sila na parang bula. Pagkatapos, kapag lumipas na ang problema at tahimik na muli ang mga bagay-bagay, bumabalik sila. Ang ganitong uri ng tao ay madalas nawawala na parang bula. Gaano pa man kahalaga ang tungkuling itinalaga sa kanila, sa sandaling lumitaw ang kaunting panganib, kaya nilang kaagad na iwan ang gawain nila nang hindi gumagawa ng anumang mga pagsasaayos para sa pagpapatuloy nito, at walang sinuman ang makakontak sa kanila pagkatapos. Ang ibang tao, kapag nahaharap sa kaparehong mapanganib na kapaligiran, ay nakapag-iisip ng iba't ibang paraan para maayos na pangasiwaan ang mga kahihinatnan. Kung ang kapaligiran ay kasalukuyang masyadong mapanlaban at mataas ang panganib ng pag-aresto, maghihintay sila hanggang humupa ang panganib bago ipagpatuloy ang gawain. O, kung masyado silang kilala bilang mga mananampalataya at maaaring madaling maaresto kung magpapakita sila para gumawa ng gawain, isinasaayos nila na ang iba ang gumawa nito. Pero kapag nakaramdam ng kahit kaunting problema ang mga duwag na tao na ito, nagmamadali silang magtago, nagkukumahog na lumayo sa panganib at iligtas ang sarili, ganap na binabalewala at hindi iniintindi ang gawain at ari-arian ng iglesia, hindi gumagawa ng anumang pagsisikap para pangalagaan ang gawain ng iglesia o protektahan ang mga kapatid. Ano ang pinaka-ikinatatakot nila sa pananampalataya nila sa Diyos? Una, takot silang malaman ng pamahalaan ang tungkol sa pananampalataya nila. Pangalawa, takot silang malaman ito ng mga kapitbahay nila. Pangatlo, ang pinakakinatatakutan nila ay ang maaresto at makulong, o mapatay sa bugbog. Kaya, sa tuwing may nangyayari, ang una nilang iniisip ay kung maaari ba silang maaresto o maaari ba silang mapatay. Kung may kahit 1% lang na posibilidad na mangyari ang alinman sa dalawa, mag-iisip sila ng paraan para makatakas. Halimbawa, sa isang pagtitipon, maaaring sabihin ng isang kapatid, "Habang papunta ako rito, may nakita akong isang tao sa malapit na hindi pamilyar. Maaari kayang isa siyang walang pananampalataya na nagmamasid sa atin?" Pagkarinig pa lang sa isang komentong ito, hindi na dadalo ang mga duwag na tao sa

susunod na pagtitipon at puputulin na ang pakikipag-ugnayan nila sa lahat. Matatawag mo ba itong pagiging maingat? (Hindi ito normal na pag-iingat, karuwagan ito—walang lugar para sa Diyos sa puso nila.) Ito ay pag-iingat na dinala sa sukdulan. Sa mga bansa o rehiyon kung saan partikular na mapanlaban ang kapaligiran, totoo na dapat mag-ingat ang mga mananampalataya, pero hindi ibig sabihin niyon na dapat silang tumigil sa paggampan sa tungkulin nila o sa pagdalo sa mga pagtitipon dahil sa takot na maaresto, nagiging sobrang ingat na wala nang lugar para sa Diyos sa puso nila. Ano ang prinsipyo ng mga duwag na tao sa pagiging maingat? Anuman ang mangyari—malaki o maliit—hindi talaga sila naniniwala na ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos. Iniisip nila na walang sinuman ang maaasahan, at umaasa sila sa sarili nila para protektahan ang sarili nila. Ito ang prinsipyo nila. Hindi sila naniniwala na ang lahat ng bagay ay nasa mga kamay ng Diyos; na ang lahat ay pinamamatnugutan at isinasaayos ng Diyos; na kung mayroon talagang mangyayaring isang bagay, pinahihintulutan ito ng Diyos, at kung hindi ito pinahihintulutan ng Diyos, walang sinuman ang maaaresto. Ganap na wala silang pananalig pagdating dito. Sa halip, puno lang ng karuwagan ang kanilang puso. Bukod pa rito, may isang malubhang kapintasan sa kanilang karuwagan, at ito rin ang pinakakasuklam-suklam na bagay tungkol sa kanila: Para protektahan ang sarili nila at harapin ang anumang sitwasyon na nagdudulot sa kanilang makaramdam ng takot, sinusunod nila ang itinuturing nilang “supremong karunungan” nila, na anuman ang mangyari—minamanmanan man sila o inaresto at ikinulong—kapag may nangyaring mali at manganib ang seguridad nila, sa isang banda, itatanggi nilang nananampalataya sila sa Diyos, at sa kabilang banda, ipinagkakanulo nila ang lahat ng nalalaman nila nang walang anumang itinatago. Bakit nila gagawin ito? Para lang protektahan ang sarili nila mula sa pisikal na pagdurusa; kaya, isisiwalat nila ang anumang nalalaman nila. Una, ipagkakanulo nila ang mga lider ng iglesia, at isisiwalat din kung sino ang mga lider ng distrito at mga lider ng rehiyon at kung saan sila nakatira, isinisiwalat ang lahat ng nalalaman nila. Ipagkakanulo nila ang lahat, kahit bago pa sila pahirapan. Bukod pa rito, kapag sinabihang pumirma sa “Tatlong mga Pahayag,” kaagad silang pipirma nang hindi man lang pinag-iisipan ang tungkol dito—matagal na silang nakahanda para dito sa simula pa lang. Ito ay para makaiwas sila sa pagkakakulong, makaiwas sa pagpapahirap, at makalayo sa anumang panganib ng kamatayan. Napakaduwag nila. Hindi sila nananampalataya sa kataas-taasang kapangyarihan ng Diyos, ni hindi nila kayang isugal ang buhay nila. Sa halip, iniisip nila ang lahat ng posibleng paraan para protektahan ang sarili nila. Para sa kanila, ang pinakamahusay na paraan ay ang ipagkanulo ang iba at ang iglesia—ito ang pinakamabisang paraan. Ginagamit nila ang pagkakanulo sa iba bilang kabayaran para matiyak ang sarili nilang seguridad at maiwasan ang anumang kapighatian. Isa itong bagay na matagal na nilang pinlano—ito ang kanilang “supremong karunungan.” Sabihin mo sa Akin, normal na karuwagan ba ang karuwagan ng ganitong uri ng tao? (Hindi.) Kung gayon, ano ang isyu rito? (Napakaduwag nila na nagiging mga Hudas sila, handang ipagkanulo ang mga kapatid at ang iglesia sa anumang oras

at lugar. Ang gayong mga tao ay mga hindi tunay na mananampalataya.) Isantabi muna natin sa ngayon kung sila ba ay mga tunay na mananampalataya o mga huwad na mananampalataya. Tingnan na lang ang pagkatao nila—iniisip nila na ang pananampalataya sa Diyos ay isang bagay na lihim at kahiya-hiya, sa halip na isang tapat at marangal na bagay, at tinitingnan nila ang usapin ng pananampalataya sa Diyos, isang bagay na tapat, marangal, at positibo, bilang isang negatibong bagay—anong uri ng mga tao sila sa palagay mo? (Mga tao na magulo ang isip, na medyo buktot.) Ang perspektiba nila at paraan ng pag-arok sa mga bagay-bagay ay iba sa mga normal na tao. Minsan, kaya pa nga nilang tawaging itim ang puti, hindi magawang pag-ibahin ang tama sa mali. Paanong posible na ang mga mananampalataya sa Diyos ay maaaring maging sadyang tuso? Ito ay dahil napakasama ng mundong ito—hindi pinoprotektahan ng batas ang kalayaan sa relihiyon, at higit pa rito, kinamumuhian ng satanikong rehimen ang Diyos at itinuturing ang gawain ng Diyos nang may pagkamapanlaban. Hindi nito pinahihintulutang umiral ang mga positibong bagay at ginagawa ang lahat para usigin iyong mga nananampalataya sa Diyos. Kaya, sa ilalim ng ganitong mga sitwasyong panlipunan, walang magawa ang mga mananampalataya kundi kumilos nang maingat tuwing nagtitipon at gumagawa ng tungkulin nila; hindi sila naglalakas-loob na gawin ito nang hayagan. Mula sa labas, maaaring magmukhang tila nagiging tuso sila gaya ng mga magnanakaw, pero sa katunayan, ito ay ganap na dahil sa konteksto ng pag-uusig, tama? (Oo.) Kung gayon, paano inilalarawan ng malaking pulang dragon ang mga akto ng pananampalataya sa Diyos at paggampan sa tungkulin ng isang tao? Bilang “kahina-hinalang pag-uugali.” Kahina-hinalang pag-uugali ba ito? (Hindi.) Hindi ito kahina-hinalang pag-uugali—isa itong bagay na ginagawa ng mga tao dahil wala silang ibang pagpipilian. May ginawa bang ilegal ang mga taong ito? (Wala.) Wala silang ginawang anumang ilegal o anumang laban sa pamahalaan, lalong hindi sila lumabag sa batas o nanggulo ng pampublikong kaayusan. Ano ang ginagawa ng mga taong ito? Ginagawa lang nila ang tungkulin ng mga nilikha. Ang gawaing ito ay ang pinakamahalaga, pinakamakabuluhan, at pinakamakatarungang gawain sa mundo. Pero dahil masama at madilim ang mundong ito at ipinahahayag na itim ang puti, tinatawag nitong “kahina-hinala” ang pinakamakatarungan, pinakamahalaga, at pinakamakabuluhang gawain. Ito ang interpretasyon ni Satanas. Ang interpretasyon ba ni Satanas ang katotohanan? Positibo ba ito? (Hindi.) Tiyak na hindi ito positibo. Pero kapag naririnig ng mga duwag na tao ang interpretasyong ito, hindi lang nila lubos na sinasang-ayunan ito sa kanilang puso, kundi tinatanggap din nila ang interpretasyong ito mula kay Satanas. Bilang resulta, iniisip din nila na ang pananampalataya sa Diyos at paggampan sa tungkulin nila nang palihim ay hindi tama at tiyak na mali. Palagi silang natatakot na balang araw, sila rin ay pahihirapan ng lipunan at ng pamahalaan, na hindi magagawang ipagtanggol ang sarili nila at walang sinumang tutulong o magliligtas sa kanila. Kaya, partikular silang natatakot na malaman ng mga tao ang tungkol sa pananampalataya nila sa Diyos. Hindi nila kinikilala sa puso nila na ang mga salitang

ipinahayag ng Diyos ay ang katotohanan, o na ang landas kung saan inaakay ng Diyos ang mga tao na lumakad ay ang tamang landas, pero gusto pa rin nilang tumanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos. Hindi ba't magkasalungat ito? Sa huli, pakiramdam nila ay labis silang naagrabyado dahil sa pananampalataya sa Diyos at sa pagdurusa ng mga paghihirap na ito sa gayong kapaligiran. Bakit pakiramdam nila ay naagrabyado sila? Dahil labis silang natatakot sa masamang rehimen sa mundong ito at sa masasamang puwersa ng mga diyablo at Satanas, at palagi silang natatakot na pahihirapan at papatayin sila ng mga diyablo at Satanas. Dahil wala silang tunay na pananalig sa Diyos, umaasta sila nang napakaduwag, hanggang sa punto na hindi na talaga nila ginagawa ang tungkulin nila. Kung ganap na walang panganib, dadalo sila sa mga pagtitipon o makikipag-ugnayan sa mga kapatid, o gagawa ng ilang bagay para sa iglesia, pero sadyang hindi sila maglalakas-loob na aminin na nananampalataya sila sa Diyos, na bahagi sila ng iglesia, o maninindigan para magpatotoo sa Diyos o gawin ang tungkulin nila—labis silang natatakot. Wala silang tunay na pananalig sa Diyos, pero gusto pa rin nilang tumanggap ng mga pagpapala at ng isang mabuting destinasyon mula sa Diyos. Masasabi ba ninyong magkasalungat ito? (Oo.) Hindi ba't ang pokus nila sa kanilang sariling mga personal na interes ang nagpalabo sa isipan nila? (Oo.) Nilamon ang mga taong ito ng kasakiman para sa pansariling pakinabang. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat, pero gusto pa rin nilang tumanggap ng mga pagpapala mula sa Diyos. Hindi sila naniniwala na ang gawain ng iglesia at ang tungkuling ginagawa ng mga kapatid ay makatarungan, mahalaga, at makabuluhan. Lalo silang natatakot sa paggampan sa mahahalagang tungkulin, o na madalas silang uutusan ng mga lider at manggagawa na lumabas para pangasiwaan ang mga usapin, natatakot na kapag may nangyaring mali, madadamay sila. Ang mga duwag na taong ito, kapag nahaharap sa panganib, ay maaaring maging mga Hudas at ipagkanulo ang iglesia—isang uri din ito ng mapanganib na indibidwal.

Anong iba pang mga pagpapamalas mayroon ang mga duwag na tao? Kayang ipagkaila at itanggi ng mga taong ito ang pangalan ng Diyos anumang oras, ipagkanulo ang Diyos anumang oras, at maging mga Hudas anumang oras. Ang mga duwag na tao ay hindi karapat-dapat na makapasok sa kaharian ng langit—hindi ba't ito ang kaso? (Oo.) Ano ang napakalalang kahinaan ng mga duwag na tao? (Takot sila sa kamatayan at kaya nilang magkanulo.) Ang mga taong ito ay walang dangal na iniraraos lang ang buhay, pinag-iimbutan ang buhay at kinatatakutan ang kamatayan. Ang takot sa kamatayan ang pinakamalala nilang kahinaan. Basta't hindi nila ikamamatay, handa silang gawin ang anumang bagay—kahit ito ay maging isang Hudas, maging anak ng pagkawasak, o maisumpa—handa silang gawin ang anuman, basta't maaari silang mabuhay. Ang mabuhay ang pinakamataas nilang layon. Gaano ka man magbahagi na ang buhay at kamatayan ng tao ay nasa mga kamay ng Diyos; na ang Diyos ang nagkokontrol, may kataas-taasang kapangyarihan, at namamatnugot sa kapalaran ng mga tao; at na dapat magpasakop ang mga tao sa mga pamamatnugot at pagsasaayos ng Diyos, hindi nila

pinaniniwalaan o tinatanggap ang mga salitang ito. Iniisip lang nila na isang bihirang pagkakataon ang maipanganak muli bilang isang tao, kaya't hinding-hindi sila maaaring mamatay; iniisip din nila na kapag pumanaw sila at namatay ang kanilang laman, ang kaluluwa nila ay maaaring ipanganak muli bilang isang hayop o maging isang ligaw na kaluluwa, hindi na kailanman magkakaroon ng pagkakataong maipanganak muli bilang isang tao. Samakatwid, labis silang natatakot sa kamatayan. Para sa kanila, ang kamatayan ay isang malaking kapahamakan, hindi isang magandang pagkakataon para sa susunod na reengkarnasyon, ni isang bagong simula para sa panibagong kapanganakan. Samakatwid, ginagawa nila ang lahat para mapanatili ang buhay nila. Kahit nangangahulugan ito ng pagkakanulo sa iba o pagdudulot ng anumang uri ng pinsala sa gawain ng iglesia, hindi sila magdadalawang-isip na gawin ito; at kahit nangangahulugan pa ito ng pagtalikod sa pangalan ng Diyos, wala silang pakialam sa mga kahihinatnan—ang mahalaga lang sa kanila ay ang mabuhay nang ligtas. Anong uri ng mga tao ang mga ito? (Mga taong pinahahaba ang isang walang dangal na pag-iral.) Mga hamak sila na pinahahaba ang isang walang dangal na pag-iral! Namumuhay sila nang walang dignidad o integridad, handang gawin ang anumang bagay para lang manatiling buhay, nagpapakababa nang husto. May ilang tao na kinalkula na sa puso nila kung ano ang gagawin bago sila humarap sa isang mapanganib na kapaligiran: "Kung maaresto ako, magsasalita na lang ako. Kapag pinahihirapan, binabantaan, at tinatakot kayo ng malaking pulang dragon, pinupuwersa kayong ipagkanulo ang iglesia, tumatanggi kayong lahat na magsabi ng kahit isang salita. Puwes, hindi ako kasinghangal ninyo, na mas pipiliing magtiis ng pisikal na pasakit kaysa magsalita. Magsasalita ako kahit bago pa man bugbugin o takutin—tingnan ninyo kung gaano ako katalino! Ayon nga sa kasabihan, 'Ang matalinong tao ay nagpapasakop sa mga sitwasyon.' Ano bang napakasama sa pagkakanulo ko sa mga kapatid sa iglesia? Dapat maging makasarili ang lahat, tama? Hindi ba't kahangalan lang na hindi alagaan ang sarili mo?" Bago pa man may mangyaring anuman, napagplanuhan na nila kung paano poprotektahan ang sarili nila. Napag-isipan na nila itong lahat matagal na. Ano ang kredo nila para sa kung paano sila umaasal? "Bakit pahihirapin ng tao ang buhay para sa sarili niya? Bakit magiging napakatigas ang ulo? Sa pagiging mabuti lang sa sarili mo na hindi magiging walang kabuluhan ang buhay na ito!" Ito ang kredo nila sa pag-asal. Wala silang mga moral na hangganan. Ano sa palagay ninyo ang dapat gawin sa mga taong gaya nito? (Kung matutuklasan ang gayong mga tao, dapat silang paalisin nang may karunungan—mga bomba silang sasabog.) Mismo, mga bomba silang sasabog. Lubos silang duwag, at kapag dumarating ang panganib, ipagkakanulo nila ang iglesia. Kung ang isang tao ay may normal na pagkatao, gagamitin niya ang matatalinong pamamaraan para tugunan ang mapapanganib na kapaligiran, at magkakaroon siya ng tunay na pananalig sa Diyos. Hindi niya hahayaang mahadlangan ang pagdalo sa mga pagtitipon o paggawa ng kanyang tungkulin, at gagawin niya ang lahat ng makakaya niya para gugulin ang kanyang sarili para sa Diyos batay sa kanyang tayog at mga kalagayan. Ito ang pagbubunyag ng

normal na pagkatao. Pero partikular na pinahahalagahan ng mga duwag na tao ang buhay nila; pinag-iimbutan nila ang buhay at kinatatakutan ang kamatayan, pinahahalagahan ang buhay nila nang higit sa lahat ng iba pa. Wala silang tunay na pananalig sa Diyos at hindi nila kayang makita na ang Diyos ay may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat. Kaya, kapag naharap sa pag-uusig, natural silang nabubunyag bilang mga duwag na tao. Ang mga duwag na tao, para protektahan ang sarili nila, ay kayang maging mga Hudas. Ang gayong mga tao ay mapapanganib na elemento, mga nakatatakot na indibidwal sila. Hinding-hindi sila dapat italaga ng iglesia sa anumang gawain, ni pahintulutan silang gumawa ng anumang tungkulin. Kung hindi, kapag nagkanulo sila, ang pinsala sa gawain ng iglesia ay magiging napakalaki; magdudulot ito ng mas malaking pinsala kaysa kabutihan.

Paano naipamamalas ang pagiging mapaghinala ng mga taong duwag at mapaghinala? May ilang tao na hindi kailanman malinaw na nakikita ang iba't ibang aspekto ng gawain ng sambahayan ng Diyos. Hindi nila alam kung anong gawain ang eksaktong ginagawa ng Diyos, o kung ang mga salitang binibigkas ng Diyos ay ang katotohanan. Wala silang tamang pag-arok o pananaw sa mga usaping ito, kaya hindi nila makumpirma kung ano ba talaga ang ginagawa sa gawain ng sambahayan ng Diyos, kung anong mga resulta ang nilalayong makamit ng gawaing ito, o kung ito ba ay ginawa para sa layon ng pagliligtas sa mga tao. Hindi nila malinaw na makita ang alinman sa mga bagay na ito. Hindi rin malinaw sa kanila ang tungkol sa kung ano ang iglesia. Gaano man karami ang mga sermong naririnig nila, hindi nila nauunawaan kahit ang kaunti ng katotohanan. Palagi silang may mga pagdududa tungkol sa mga kapatid na gumagampan sa mga tungkulin ng mga ito, iniisip nilang, "Ang mga taong ito ay palaging abala, araw-araw na umaalis at bumabalik—ano ba mismo ang ginagawa nila?" Partikular sa konteksto ng pananampalataya sa Diyos at paggawa ng mga tungkulin sa bansa ng malaking pulang dragon, ang mga lider at manggagawa ay nagbabahaginan at nagtatalakayan tungkol sa mga partikular na aytem ng gawain ng iglesia—gaya ng gawaing administratibo, gawain ng mga tauhan, gawain ng mga pangkalahatang usapin, at lalo na ang ilang gawain na may kinalaman sa pagharap sa mga panganib—nang hindi ipinaaalam sa mga ordinaryong kapatid ang tungkol sa mga bagay na ito. Pinoprotektahan sila nito, hindi sila pinipinsala nito. Gayumpaman, hindi ito nauunawaan ng ilang tao at palaging gustong magtanong tungkol sa mga bagay na ito. Halimbawa, nagtatanong sila tungkol sa kung saan iniimprenta ang mga aklat o kung saan pinatutuloy ang mga partikular na lider at manggagawa. Magiging kapaki-pakinabang ba sa iyo ang malaman ang mga bagay na ito? (Hindi.) May mawawala ba sa iyong anuman sa hindi pag-alam sa mga bagay na ito? (Wala.) Hindi nakaaapekto sa iyong pagkain at pag-inom ng mga salita ng Diyos ang hindi mo pag-alam sa mga bagay na ito, hindi ito nakaaapekto sa pagkakamit mo ng katotohanan, at tiyak na hindi nito hinahadlangan ang iyong buhay pagpasok o ang pagbabago ng iyong disposisyon. Kaya, hindi ba't hindi kinakailangan para sa iyo na tanungin at alamin ang tungkol sa mga usaping ito? May ilang tao na nagpapatuloy

sa bahay ang palaging mapaghinala. Kapag hindi ipinaaalam sa kanila ng mga lider at manggagawa ang pagbabahaginan at talakayan ng mga ito tungkol sa gawain ng iglesia, iniisip nilang, “Bakit palaging nagtitipon at nagbabahaginan ang mga lider at manggagawa nang hindi ko nalalaman? Anong mga aktibidad ang ginagawa nila?” Hindi sa kanila ipinaaalam ang personal na impormasyon ng ilang lider at manggagawa, at nagsisimula silang magtaka, “Bakit hindi nila ipinaaalam ito sa akin? Hindi ko alam ang mga pangalan nila, kung saan sila nakatira, o kung ano ang aktuwal na sitwasyon nila. Maaari kaya nila akong linlangin o pinsalain habang inaakay nila ako sa aking pananampalataya sa diyos?” Mayroon ding ilang sensitibong uri ng gawain, gaya ng gawaing may kinalaman sa mga handog o ilang mapanganib na gawain—ito ang mga bagay na hindi dapat itanong sa simula pa lang, pero palaging gustong magtanong ng mga taong ito tungkol dito. Kapag hindi sila sinasagot ng iba, lalo silang nagiging mapaghinala. Sa partikular, may ilang tao na sa simula pa lang ay hindi naman talaga kailanman nagkaroon ng matibay na pananalig sa Diyos—pagkatapos manampalataya sa Diyos, nakikita nilang gumaganda ang takbo ng negosyo ng kanilang pamilya at malusog ang mga miyembro ng pamilya nila, at iniisip nilang ito ay biyaya at pagpapala ng Diyos. Dahil sa panandaliang kaligayahang ito, naghahandog sila ng kaunting pera, pero pagkatapos ay nagsisimula silang magtaka, “Saan ginamit ang perang inihandog ko? Ginamit ba ito para sa gawain ng iglesia? Ipinuhunan ba ito sa negosyo o ginamit sa mga ilegal na gawain?” Palagi nilang gustong tanungin at alamin ang tungkol sa mga bagay na ito, at palaging gustong malaman ang ugat ng mga bagay na ito. Mas malala pa ang pagdududa ng ilang tao. Halimbawa, kapag bumibili ang iglesia ng ilang kagamitan o aparato dahil sa mga pangangailangan ng gawain, o kapag nagkakaloob ito ng kaunting pag-aalaga at tulong para sa pang-araw-araw na buhay niyong mga gumagawa ng tungkulin nila, palaging naghihinala ang ganitong uri ng mapaghinalang tao, “Ginagastos ang pera sa napakaraming iba’t ibang larangan—saan ito nanggagaling? May ginagawa rin bang kung anong uri ng negosyo ang iglesia? Mayroon ba itong isang mayamang isponsor o isang uri ng makapangyarihang tagasuporta na lingid sa kaalaman ng iba? May isang grupo ba na sumusuporta sa iglesia?” Lalo na kapag nalalantad sila sa ilang walang batayang tsismis at mga maladiyablong salita mula sa mga awtoridad na naninirang-puri sa iglesia—mga pahayag tulad ng si Ganito-at-ganyan mula sa iglesia ay pumatay ng tao at lumabag sa batas, si Ganito-at-ganyang tao ay isang kriminal na pinaghahanap ng estado, si Ganito-at-ganyan ay tumakas sa ibang bansa dala ang malaking halaga ng pera, at iba pa—lalo pang tumitindi ang pagdududa nila sa iglesia at sa gawain ng Diyos. May normal na pag-iisip ba ang gayong mga tao? Nakikita ba nila nang malinaw ang mga prinsipyo na dapat sundin ng mga mananampalataya? Para sa karamihan ng tao, kapag nakatitiyak silang ito ang gawain ng Diyos, wala na silang mga pagdududa tungkol sa Diyos. Anuman ang mga problema o anumang mga uri ng mga tao ang lumilitaw sa iglesia, nagagawa nilang harapin ang mga ito ayon sa mga salita ng Diyos. Kahit pa magdulot ng mga kaguluhan ang masasamang tao o mga

anticristo, maaarok nila ito nang tama. Hindi sila kailanman nagkaroon ng mga paghihinala tungkol sa Diyos o sa gawain ng Diyos, o tungkol sa iglesia o sa sambahayan ng Diyos. Sa pinakamalala, maaaring magkaroon sila ng mga opinyon tungkol sa mga partikular na indibidwal o ilang kuru-kuro tungkol sa gawain ng Diyos, pero kaya nilang unti-unting lutasin ang mga ito sa pamamagitan ng pamumuhay ng buhay iglesia. Pero iba ang mga mapaghinalang tao. Mula pa sa pinakasimula ng pananampalataya nila sa Diyos, mayroon silang mga paghihinala at lahat ng uri ng kuru-kuro. Hindi sila tiyak kung ang mga salita ng Diyos ay ang katotohanan, hindi sila tiyak kung ang pagpapahayag ng Diyos ng mga salitang ito ay gawain ng Diyos, at lalo pang hindi sila tiyak kung ang pagtitipon nang magkakasama ng mga kapatid ay ang iglesia ng Diyos. Patuloy silang nagkikimkim ng mga paghihinala, at palaging naghahanap ng mga makatotohanang ebidensiya para patunayang tama ang mga hinala nila. Anong uri ng saloobin ito? Sa palagay mo ba ay kayang maunawaan ng mga tao na may ganitong uri ng saloobin ang katotohanan sa pananampalataya nila sa Diyos? (Hindi.) Hindi nila kailanman magagawang maunawaan ang katotohanan. Ano ang pinakapinagtutuunan nila sa puso nila? Palagi nilang pinagbubulay-bulayan, “Sino ang mga taong ito? Isa ba itong uri ng organisasyong panlipunan? Bagaman ang sambahayan ng diyos ang nagtutustos para sa mga gastusin sa pamumuhay ng mga taong ito habang pinatutuloy ko sila, humaharap pa rin ako sa panganib sa pagpapatuloy sa kanila. Kaya, maaalala kaya ng diyos ang aking mabubuting gawa? Kung hindi maaalala ng diyos ang mga ito, hindi ba’t masasayang lang ang paggawa ko ng pagpapatuloy?” Palagi silang may gayong mga pagdududa sa puso nila. Sa palagay mo ba ay kusang-loob nilang pinapatuloy ang mga kapatid? (Hindi.) Ginagawa nila ito dahil lang sa isang pagnanais na magkamit ng mga pagpapala, habang puno sila ng mga pagdududa. Lalo na kapag nakaririnig sila ng ilang bagay na hindi nila nakikita nang malinaw at itinuturing nilang negatibo ayon sa kanilang mga kuru-kuro, nadaragdagan ang mga pagdududa sa kanilang puso. Halimbawa, sa mga pagtitipon, maaaring may magbanggit ng mga paksang may kinalaman sa mga pagkilos ng rehimen ng malaking pulang dragon at sa mga pangit na mukha ng mga diyablong hari, o kung minsan ang pagbabahaginan sa katotohanan ay tumatalakay sa pang-aapi at mga pag-arestong isinasagawa ng malaking pulang dragon, at sa kalikasang diwa ng malaking pulang dragon, at iba pa. Hindi naman talaga kinasasangkutan ng politika ang mga paksang ito—tinutulungan lang ng mga ito ang mga tao na matutunang kilatisin ang malaking pulang dragon at makita nang malinaw ang mukha nito, para matutunan nilang kamuhian at tanggihan ang malaking pulang dragon at hindi na sila mapigilan o magapos ng impluwensiya ni Satanas. Pero kapag naririnig ng mga mapaghinalang tao ang gayong mga paksa, naduduwag sila at natatakot: “Pinag-uusapan ng mga taong ito maging ang politika! Hindi ba’t mga pampolitikang kriminal sila? Hindi ba’t mga kontra-rebolusyonaryo sila? Napakasensitibo ng mga paksang ito! Dali, isara ang mga bintana, ikandado ang tarangkahan, bunutin ang internet at mga linya ng telepono! Kung nakikinig dito ang pamahalaan, baka malagay tayo sa malaking panganib!

Siguradong habambuhay na pagkakakulong ang aabutin natin!" Ayaw nilang makinig sa gayong mga paksa at susubukan nila ang lahat ng paraan para sumabad sa pagbabahaginan para matigil na matalakay ang mga ito. Iniisip nila, "Anong uri ng gawain ang mismong ginagawa ng mga taong ito? Sinasabing hindi nakikialam ang diyos sa politika ng tao, kaya bakit pinag-uusapan ng mga taong ito ang tungkol sa politika? Hindi ba't ang dapat lang na pag-usapan ng mga mananampalataya ay ang mga usapin ng pananampalataya sa diyos? Bakit nila tinatalakay ang mga bagay na ito? Hindi ba't naghahanap lang sila ng gulo? Kung gusto nilang pag-usapan ang mga bagay na ito, maaari naman nila itong gawin kahit saan, pero hindi nila ito dapat gawin sa bahay ko. Ayaw kong madamay rito!" Hindi nila makita nang malinaw ang anuman. Kapag naririnig nila ang ilang tsismis na gawa-gawa ng pamahalaan, hindi lang sila bigong makilatis ang mga ito, kundi lalo pang tumitindi ang mga pagdududa nila. Kung palagi silang mapaghinala at mapag-alinlangan sa grupo ng masasamang demonyong nasa kapangyarihan o sa mga puwersa ng anticristo at sa mga sekta ng masasamang espiritu sa relihiyon, makatutulong pa nga talaga iyon para maprotektahan nila ang sarili nila. Pero sa iglesia kung saan gumagawa ang Diyos, nagpahayag ang Diyos ng napakaraming katotohanan, pero hindi pa rin nila ito maunawaan at hindi nila matukoy na ito ang tunay na daan. Pagkatapos makinig sa mga sermon sa loob ng napakahabang panahon, at makitang napakaraming sinasabi ng Diyos, nananatiling hindi nalulutas ang pagiging mapaghinala nila, at hindi napuksa ang mga kuru-kuro at imahinasyon nila. Malinaw na napakahina ng kakayahan nila, na wala silang anumang abilidad na makaarok, at na hindi sila mga taong naghahangad ng katotohanan. Mula pa sa simula ng pananampalataya nila sa Diyos, hindi sila kailanman naniwala na ang Diyos ang may kataas-taasang kapangyarihan sa lahat, at hindi sila kailanman naniwala na ang lahat ng salita ng Diyos ay ang katotohanan; lalong hindi sila naniwala na ang gawain ng sambahayan ng Diyos ay ganap na pinangungunahan ng Banal na Espiritu. Bilang resulta, ang lahat ng bagay ay nagdudulot sa kanilang maging mapagduda. Halimbawa, kapag nagbabahaginan tungkol sa pagkilatis sa iba't ibang uri ng tao sa mga pagtitipon, maaari nating pag-usapan ang tungkol sa kung paanong inililihis ng mga anticristo ang mga tao; o kung paanong hindi gumagawa ng anumang tunay na gawain ang ilang tao sa kabila na ang lahat ng kinokonsumo at tinatamasa nila ay ipinagkakaloob gamit ang mga handog sa Diyos, na katumbas ng pagiging palamunin ng iglesia; o kung paanong ninanakaw o winawaldas ng ilang tao ang mga handog; o kung paanong may mga partikular na indibidwal sa iglesia na nakikibahagi sa mahahalay na aktibidad; o kung paanong may ilang tao na gumagawa ng mga bagay na nagdudulot ng kahihiyan sa Diyos habang nangangaral ng ebanghelyo. Tinatalakay natin ang mga usaping ito para matutunan ng mga tao kung paano kilatisin ang iba, at sa gayon ay magawa nilang tingnan ang mga tao at usapin ayon sa mga salita ng Diyos at mga katotohanang prinsipyo, makakuha ng mga aral at matuto mula sa mga bagay na ito, at maiwasang mailihis o mapigilan ng iba. Gayumpaman, kapag naririnig ng mga mapaghinalang tao ang mga bagay na

ito, sinasabi nilang, “Hay naku! Ito ang sambahayan ng diyos, ang lugar kung saan ginagawa ang gawain ng diyos—paanong nangyayari ang gayong mga bagay rito? Mukhang tama nga ako na maging mapaghinala noon. Kailangan kong maging lalo pang maingat simula ngayon. Masyadong hindi maaasahan ang lahat ng tao, at hindi rin maaasahan ang sambahayan ng diyos. Maaasahan ba ang diyos, kung gayon? Sino ang nakaaalam—baka hindi rin maaasahan ang diyos.” Kita mo, hindi nila nauunawaan ang katotohanan, ni hindi nila ito kayang arukin. Anumang aspekto ng katotohanan ang pinagbabahaginan ng sambahayan ng Diyos, anong kongklusyon ang palagi nilang nararating sa huli? Na tamang naging mapaghinala sila sa lahat ng taon na iyon, at na hindi ito hindi kinakailangan. Kung maririnig niyong mga naghahangad sa katotohanan at may pag-iisip ng normal na pagkatao ang mga bagay na ito, matatrato nila ang mga ito nang tama. Sa isang banda, lumalawak ang pananaw nila at nagkakamit sila ng pagkilatis mula sa mga bagay na ito. Sa kabilang banda, makapupulot sila ng mga aral at matututo mula sa mga bagay na ito, at mauunawaan na hindi maaaring sumunod ang mga tao sa iba pang mga tao, na kailangan nilang makilatis ang iba at mas maunawaan ang katotohanan, at na maaaring mailihis ang sinuman sa anumang oras at sa anumang lugar kung hindi niya nauunawaan ang katotohanan, at na kapag naunawaan na niya ang katotohanan at nagkaroon siya ng tayog, hindi na siya mapipigilan, maililihis, o makokontrol ng iba. Gayumpaman, ang mga mapaghinalang tao ay hindi kailanman mag-iisip nang ganito. Habang mas nagbabahagi ang sambahayan ng Diyos tungkol sa pagkilatis sa iba’t ibang uri ng mga tao at usapin, mas nararamdaman nila na tama at kumpirmado ang mga paghihinala nila: “Kita ninyo, ako ang matalino! Buti na lang nanatili akong maingat. Palaging sinasabi ng mga tao na mapaghinala ako at walang pagtitiwala, pero pinatutunayan ng mga katunayan na tamang naging mapaghinala ako. Tingnan ninyo kung gaano kayo kahangal lahat—sa pananampalataya ninyo sa diyos, alam lang ninyong gawin ang inyong mga tungkulin at magsalita tungkol sa inyong kaalamang batay sa karanasan. Ano ang silbi niyon? Mapoprotektahan ka ba niyon? Hindi! Anuman ang mga sitwasyong kinahaharap mo, mapoprotektahan mo lang ang sarili mo kung magiging mas maingat ka at mas kukuwestiyunin ang mga bagay-bagay. Kailangan mong magbantay laban sa lahat. Hindi ka dapat umasa sa sinuman tulad ng pag-asa mo sa sarili mo, kahit na sa sarili mo pang mga magulang!” Sabihin mo sa Akin, anong mga uri ng mga tao sila? Mga mananampalataya ba sila sa Diyos? (Hindi.) Anumang uri ng gawain ang ibinabahagi ng sambahayan ng Diyos o aling mga uri ng mga tao ang kinikilatis nito, at anuman ang mga kapaligirang inihahanda ng Diyos para sa mga tao, ang layon nito ay para matuto ang hinirang na mga tao ng Diyos ng mga aral mula sa mga bagay na ito, para makatanggap sila ng pagsasanay sa kaharian sa mas praktikal na paraan, at para—sa pamamagitan ng mga praktikal na aral na ito—maunawaan nila ang katotohanan at magkamit sila ng pagkilatis sa mga tao, makita nang malinaw ang mga tao at iba’t ibang usapin, at sa gayon ay higit na maunawaan kung aling aktuwal na mga tao, pangyayari, at bagay-bagay ang tinutukoy ng mga salita

at katotohanang ipinahahayag ng Diyos. Pero hindi lang hindi magawang matutunan ng mga mapaghinalang tao ang anumang aral mula sa mga bagay na ito, at sa halip ay lalo pa silang nagiging mapaghinala at tuso.

Ang ilang mapaghinalang tao, tuwing nagsasabi o gumagawa sila ng anumang bagay sa sambahayan ng Diyos, ay palaging sobrang maingat, palaging natatakot na pupungusan o pahihirapan pa nga sila ng mga kapatid o ng mga lider at manggagawa. Sinasabi nilang, “Kung titigil ako sa pananampalataya sa diyos at iiwan ko ang iglesia, gaganti ba laban sa akin ang iglesia?” Hindi sila dapat mag-alala tungkol dito. Kung iiwan ng isang hindi mananampalataya ang iglesia, isa itong masayang okasyon para sa lahat ng panig—kapaki-pakinabang ito para sa lahat. Kaya, kung gusto mong iwan ang iglesia o bitiwan ang tungkulin mo para bumalik sa iyong bahay at ipamuhay ang iyong buhay, dapat buong tapang mo itong banggitin nang walang anumang mga inaalala. Maaari ka ring magsulat ng isang pahayag na nagsasabing: “Simula sa ganito-at-ganyang petsa, opisyal ko nang iiwan ang Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos at aalis mula sa hanay ng mga gumagawa ng tungkulin nila.” Ganap itong pinahihintulutan. Bukas ang mga pintuan ng sambahayan ng Diyos, at maaari kang umalis nang buong tapang nang walang inaalala na may sinumang gaganti laban sa iyo. Hindi kailangang matakot o maghinala. May nakikita ka bang sinumang masasamang tao sa mga taong ito na nasa iglesia? Talagang wala. Kahit pa may masasamang tao, dapat silang alisin. Karamihan ng tao ay medyo may mabuting asal at gustong tumahak sa tamang landas sa buhay. Ang pagganti o pamiminsala sa iba ay lumalabag sa mga katotohanang prinsipyo, at hinding-hindi nila magagawa ang gayong bagay. Ano sa palagay ninyo ang mali sa kung paano umaasal ang mga mapaghinalang tao? Mayroon lang silang hindi mapagtiwalang isipan pero walang katalinuhan. Naniniwala sila na ang kanilang tuso, mapanlinlang, at hindi mapagtiwalang isipan ay ang pinakamataas na anyo ng karunungan pagdating sa kung paano sila umaasal. Hindi sila interesado sa mga katotohanang prinsipyo ni sa gawain at mga salita ng Diyos—hindi sila nakauunawa o nagsisikap na makaunawa. Sa halip, namumuhay sila ayon lang sa mga pilosopiya ni Satanas, iniisip na, “Anuman ang mangyari sa akin, dapat kong kuwestiyunin pa ang mga bagay-bagay. Bukod dito, sa palagay ko ay sinuman ang paghinalaan ko, makatwiran para sa akin na gawin iyon, at tumugma man o hindi ang aking mga hinala sa mga katunayan, may katwiran ito. Sa kabuuan, ang mas paghihinala kapag nahaharap sa mga sitwasyon ay kapaki-pakinabang para sa akin.” Bilang resulta, ilang taon man silang nananampalataya sa Diyos, hindi sila kailanman naghahanap ng katotohanan sa mga salita ng Diyos, ni hindi nila hinahanap ang mga sagot sa mga salita ng Diyos para lutasin ang iba’t ibang problema at mga pagdududa nila. Sa halip, umaasa sila sa sarili nilang isipan, hindi mapagtiwalang mentalidad, mga pilosopiya para sa mga makamundong pakikitungo, o sarili nilang mga karanasan sa buhay para suriin at pangasiwaan ang mga usaping ito. Sa huli, habang mas nakararanas sila ng iba’t ibang sitwasyon at habang mas maraming iba’t ibang uri ng impormasyon ang naririnig nila, hindi lang nananatiling hindi nagbabago ang

mapaghinalang kalikasan nila, kundi lalo pang tumitindi ang mga pagdududa nila. Halimbawa, kapag ang ganitong uri ng mapaghinalang tao ay nanampalataya na sa Diyos nang isa o dalawang taon at narinig ang tungkol sa Insidente sa Zhaoyuan na inimbento ng CCP para siraan ang sambahayan ng Diyos, iniisip nilang, “Siguro ginawa nga ito ng sambahayan ng diyos. Kahit hindi ito iniutos ng sambahayan ng diyos, malamang na ginawa ito ng ilang kapatid sa ibaba, at hindi lang ninyo ito inaamin.” Matapos manampalataya sa Diyos ng tatlo hanggang limang taon, naniniwala pa rin sila sa bersiyon ng mga pangyayari ng malaking pulang dragon. Kahit makalipas ang walo hanggang sampung taon, nananatiling hindi nalulutas ang mga pagdududa nila tungkol sa sambahayan ng Diyos. Hindi sila naniniwala na ang malaking pulang dragon ang nagdidiin at naninira sa iglesia; sa halip, ipinagpapalagay lang nilang ginawa ito ng mga tao sa sambahayan ng Diyos. Kita mo, kapag tinitingnan nila ang ilang bagay, hindi nila ito ginagawa kailanman batay sa mga salita ng Diyos o sa mga katotohanang prinsipyo—naniniwala sila sa bersiyon ng malaking pulang dragon at tinitingnan ang usapin mula sa pananaw ng mga diyablo at ni Satanas. Kahit gaano pa apihin at pahirapan ni Satanas ang hinirang na mga tao ng Diyos, pakiramdam nila ay kauna-unawa ito, pero hindi nila kailanman pinaniniwalaan na inosente ang sambahayan ng Diyos o na walang kasalanan ang mga kapatid na nagdurusa ng pag-uusig dahil sa pananampalataya sa Diyos. Kahit pa nakikita nila mismo na ang mga kapatid sa sambahayan ng Diyos ay may mabubuting asal at marunong lumugar, sa puso nila ay palagi silang naniniwala, nang walang anumang pagdududa, sa mga bagay na ginawa ng malaking pulang dragon para siraan ang iglesia. Bagaman, sa pananampalataya sa Diyos, kayang magtiis ng paghihirap ng gayong mga tao, magbayad ng halaga, at magbigay pa nga ng mga handog, sa huli, sila pa rin ay mga hindi mananampalataya. Sa katunayan, ang mga mapaghinalang tao ay mas mapanggulo pa kaysa sa mga hindi nagmamahal o tumatanggap sa katotohanan. Sa anong paraan sila mas mapanggulo? Iyong mga hindi interesado sa katotohanan ay ganap na walang pakialam at hindi interesado sa gawain ng iglesia at sa paggampan sa mga tungkulin; gaano man sumusunod sa Diyos ang mga mananampalataya o gumagampan sa mga tungkulin nila, hindi ito mahalaga sa mga taong ito. Bilang resulta, wala silang mga pagdududa tungkol sa mga usapin ng pananampalataya sa Diyos o paggampan sa tungkulin, at hindi talaga sila kailanman nagtatanong tungkol sa mga usapin ng iglesia. Pero ang mga mapaghinalang tao ay ang eksaktong kabaligtaran—mahilig silang magtanong tungkol sa mga sabi-sabi. Bakit gusto nilang magtanong tungkol sa mga bagay na ito? Isa sa mga layon nila ay tiyak na: “Kung mas magtatanong ako at maraming malalaman, matutulungan ako nito para maghanda ng reserbang plano nang maaga, at para makapagpasya anumang oras kung mananatili ako o aalis.” Tumutuon din sila sa pagtatanong tungkol sa mga partikular na usapin, tulad ng kung ano ang tunay na pangalan ng isang partikular na lider o manggagawa, kung saan ito nakatira, kung anong uri ng propesyon mayroon ito sa sekular na mundo, o kung bakit nito iniwan ang tahanan nito para gawin ang tungkulin nito. Maaari din silang magtanong

tungkol sa mga nangangaral ng ebanghelyo, tulad ng kung kanino nangaral ang mga ito, sino sa mga miyembro ng pamilya ng mga ito ang nananampalataya sa Diyos, ilang taon nang nangangaral ang mga ito ng ebanghelyo, ilang tao na ang nakamit ng mga ito, at iba pa. Nagtatanong sila tungkol sa mga bagay na ito nang napakadetalyado. Mahilig mangalap ng ganitong uri ng impormasyon ang mga mapaghinalang tao, at kapag nakalap na nila ito, napapanatag sila, iniisip na labis na kailangang malaman ang mga bagay na ito, at na magagamit nila ang impormasyong ito sa mahahalagang oras. Masyadong maraming nalalaman ang mga mapaghinalang tao. Sila ay mga “database ng impormasyon,” at alam nila maging ang ilang bagay na hindi alam ng mga lider at manggagawa, tulad ng kung sino ang pumunta sa ibang bansa para gawin ang tungkulin ng mga ito at sa kung aling bansa nagpunta ang mga ito—alam nila maging ang mga bagay na ito tungkol sa mga taong pumupunta sa ibang mga bansa. Pero kung tatanungin mo sila kung aling yugto ng mga sermon ang pinakahuling inilabas, hindi nila ito masasabi sa iyo. Hindi nila kailanman binibigyang-pansin ang mga usapin ng buhay pagpasok, pero pagdating sa personal na impormasyon ng mga kapatid at ng ilan sa kalagayan ng iglesia, malinaw na malinaw sa kanila ang mga bagay na iyon. Isa sa mga pakay nila sa madalas na pagtatanong tungkol sa mga bagay-bagay ay para malaman ang tungkol sa iba’t ibang uri ng mga kalagayan, pagkatapos ay makapaghahanda sila ng daan palabas para sa sarili nila anumang oras. Naniniwala sila na magiging sobrang kahangalan ang hindi pag-isipan ang daan nila palabas—para gamitin ang mga salita ng mga walang pananampalataya, para bang sila ay “tumutulong sa iba matapos silang ipagkanulo nito.” Sa totoo lang, para silang bulok na lumang pagkain, walang halaga, pero nakikita nila ang sarili nila na napakahalaga. Ano sa palagay ninyo, mga mapaghinalang tao ba ang mga ito? (Oo.) Mga mapaghinalang tao nga ang mga ito. Ang mga mapaghinalang tao ay may napakatuso at napakamapanlinlang na pagkatao. Nakikita ng ilang tao ang pagiging tuso at mapanlinlang bilang mga tanda ng mataas na katalinuhan, pero mali ito. Sa totoo lang, ang mga tuso at mapanlinlang na tao na ito ay napakahangal at walang anumang kakayahan. Napakahina ng kakayahan nila, at mahirap nang baguhin ito; ang pagiging tuso rin nila ay nangangahulugan na mas mahirap pa silang gamutin. Kung ang isang tao ay may mahinang kakayahan lang pero medyo matapat at hindi tuso, at kaya niyang taos-pusong gumampan sa tungkulin niya, baka mayroon pa siyang kaunting pag-asang maligtas. Kung may mahinang kakayahan siya at medyo mapanlinlang, pero kaya niyang tanggapin ang katotohanan at kilalanin ang sarili niya, marahil ay may kaunti pa siyang pag-asang maiwaksi ang mapanlinlang niyang disposisyon. Kung kaya niyang maunawaan ang katotohanan at unti-unting malaman ito at makapasok dito, maaaring unti-unting mawala ang pagiging mapaghinala niya. Pero sa kasamaang-palad, ang mga taong ito ay kapwa walang kakayahan, at mapanlinlang at tuso, at napakahangal din nila. Ito ay tulad ng isang taong bulag na dumaranas ng problema sa mata—wala nang lunas, tama? (Tama.) Hindi na matutubos ang gayong mga tao. Dahil ang mga taong ito ay mapaghinala sa antas na hindi na sila matutubos,

sa palagay ninyo paano ba sila dapat tratuhin? (Kung matutuklasan ang gayong mga tao, dapat silang bantayan. Kaya nilang ipagkanulo ang iglesia para protektahan ang sarili nila; mapapanganib na indibidwal sila. Maaari tayong humanap ng mga pagkakataon para ilantad sila at paalisin, o kung hindi tayo makahanap ng pagkakataong gawin ito, maaari natin silang hikayating umalis sa matalinong paraan.) Kapag sigurado na kayo na ang isang tao ay mapaghinalang tao, huwag nang makisalamuha sa kanya. Ang pakikisalamuha sa kanya ay magdudulot lang ng problema. Kung makikisalamuha ka sa kanya, palagi ka niyang susubukang kilatisin. Kung aalis ka, babantayan ka niya, palaging nagtatanong, “Saan ka pupunta? Ilang araw kang mawawala? Ano ang gagawin mo?” Pagbalik mo, tatanungin niya, “Kanino ka nakipagkita? Naisakatuparan mo ba ang gampanin mo? Ano ang pinag-usapan ninyong lahat?” Kung hindi mo siya sasagutin, magrereklamo siya: “Hindi nila ipinaaalam sa akin ang kahit ano. Hindi nila ako pinagkakatiwalaan, tama? Hindi nila ako tinatrato na tulad ng isang miyembro ng sambahayan ng diyos! Sinabi nilang gagawa sila ng gawain ng iglesia, pero bakit inililihim nila ito sa akin? Tiyak na umalis sila para gumawa ng ilegal na bagay.” Palagi siyang mag-eespiya sa iyo nang hindi mo nalalaman. Talagang mapanggulo ang gayong mga tao. Nagtatanong sila tungkol sa maraming bagay, gustong malaman ang lahat. Pero kapag nalaman na nila ang mga bagay na iyon, hindi nila maarok ang mga iyon nang wagas o matrato ang mga iyon nang tama, at sinusubukan din nilang hanapan ang mga iyon ng mga kahina-hinalang bahagi, na nagiging sanhi para lalo pang lumaki ang mga pagdududa nila. Ipagpalagay na pinayuhan mo sila, sinasabing, “Dahil may gayong kalaki kang mga pagdududa tungkol sa Diyos, at dahil hindi mo pinaniniwalaan na ang mga salita ng Diyos ay ang mga katotohanan, at na kaya ng mga itong dalisayin at iligtas ang tao, dapat tumigil ka na lang sa pananampalataya sa Diyos!” Aayawan nilang gawin iyon—gugustuhin pa rin nilang manampalataya at gugustuhin pa rin nilang magkamit ng mga pagpapala. Hindi ba’t mapanggulo ang ganitong mga tao? (Oo.) Madaling pangasiwaan ang ganitong mga tao. Kung makapagdadala sila ng malaking problema sa iglesia, kaagad silang hikayating umalis. Ang mga taong ito ay hindi mapagkakatiwalaan, wala silang abilidad na arukin ang katotohanan, at kahit pa kaya nilang gumawa ng kaunting tungkulin, magdudulot lang sila ng malaking problema sa sambahayan ng Diyos—mas malaki ang pinsalang idinudulot nila kaysa mabuti. Kaya, ang paghihikayat sa kanilang umalis ay kinakailangan.

Ang mga duwag na tao ay mapanggulo, at ang mga mapaghinalang tao ay mapanggulo rin. Pero ang mga taong parehong duwag at mapaghinala ay lalo pang mapanggulo. Ang mga tao na ito ay lubhang duwag at takot sa kamatayan, at mapaghinala sila tungkol sa lahat ng bagay, palaging nagdududa tungkol sa kung maloloko ba sila dahil sa pananampalataya sa Diyos. Natatakot silang baka mahadlangan ang kinabukasan nila at iniisip na ang maaresto at mausig, na hahantong sa kamatayan nila, ay hindi magiging sulit. Kung ganito kalala ang pagiging mapaghinala nila, ano ang silbi ng pananampalataya nila sa Diyos? Hindi ba’t pagpapahirap lang ito sa sarili nila? Mapagbantay sila laban sa

mga kapatid at sa bawat pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos na para bang nagbabantay sila laban sa mga manloloko, tulad lang ng pagbabantay nila laban sa malaking pulang dragon o mga diyablo at Satanas. May ilang tao na sumusubok pa ring magpayo sa kanila, sinasabing, “Siguraduhin mo lang na manampalataya ka sa Diyos nang masigasig, hangarin ang katotohanan, at gawin ang tungkulin mo nang maayos, at sasang-ayunan ka ng Diyos.” Pero ano ang iniisip nila sa loob-loob nila? “Gusto mong gawin ko nang maayos ang tungkulin ko, pero kapag naging tanyag na ako at inaresto ng malaking pulang dragon, hindi ba’t magiging katapusan ko na iyon?” Kung ganito talaga ang pag-iisip nila, wala nang silbing subukan pang payuhan sila. Lubha silang duwag, at palaging takot sa kamatayan. Kapag naririnig nilang naaresto ang mga mananampalataya sa Diyos, sobra silang natatakot na napapaihi sila sa pantalon nila. Pero pagdating sa panloloko at pandaraya sa mga tao sa negosyo, gaano man kalaki ang gulong kinasasangkutan nila, hindi talaga sila natatakot—lubos na buo ang loob nila sa ganitong bagay. Pero, kapag kinasasangkutan ito ng mga usapin ng pananampalataya sa Diyos, lubha silang duwag. Puno sila ng iba’t ibang uri ng mga pagdududa tungkol sa mga kapatid, tungkol sa sambahayan ng Diyos, at lalo na tungkol sa Diyos at sa mga salita at gawain ng Diyos, at walang anumang dami ng pagbabahaginan ang makalulutas sa mga pagdududang ito. Gaano karaming taon man silang nananampalataya, hindi pa rin nila alam kung ano ang ibig sabihin ng manampalataya sa Diyos o kung bakit kailangan nilang magtipon at gawin ang tungkulin nila. Malinaw na ang mga taong ito ay may kakulangan sa pag-iisip, at sila ay labis na tuso at mapanlinlang. Ang gayong mga tao ay dapat hikayating umalis kaagad. Kung titigil sila sa pagdalo sa mga pagtitipon at ayaw nang gawin ang tungkulin nila dahil sa pagiging duwag nila o para sa ano pa mang ibang dahilan, mabuti iyon—nakaiiwas ito sa istorbo ng pagpapaalis sa kanila at nakaiiwas sa abala. Kung isang araw ay magiging interesado silang muli na manampalataya sa Diyos at gustong bumalik sa pananampalataya sa Diyos, maaari mong sabihin sa kanila, “Bilang isang mananampalataya sa Diyos, maaari kang maaresto at makulong anumang oras, at may panganib pa ngang makitil ang iyong buhay. Pero kung hindi ka mananampalataya sa Diyos at sa halip ay magnenegosyo ka sa mundo at kikita ng maraming pera, baka maaaring matamasa mo ang ilang maginhawang araw.” Pagkarinig nito, lubos na mapapanatag ang puso nila, at hindi na nila iisipin ang tungkol sa pananampalataya sa Diyos. Iisipin nilang, “Sa wakas, tapos na ang mga taon ng aking pag-aalala at takot. Hindi ko na kailangang pagdudahan ang iglesia, ang mga kapatid, o ang sambahayan ng diyos. Sa wakas ay nakalaya na ako.” At nang ganoon-ganoon lang, ang mga duwag at mapaghinalang tao ay nahikayat na umalis. Nalulutas nito ang malaking problema, tama? (Oo.) Napakagandang paraan ito para malutas ang usapin.

L. Pagiging Mahilig Maghanap ng Gulo

Tingnan natin ang susunod na pagpapamalas: ang pagiging mahilig maghanap ng gulo. Alam ba ninyo kung anong uri ng mga tao ang mahilig maghanap ng gulo? Sa

iglesia, nakatagpo na ba kayo ng ganitong uri ng tao na mahilig maghanap ng gulo? Anuman ang kanilang edad, kasarian, o propesyong mayroon sila sa mundo, kung palagi silang naghahanap ng gulo at palaging gumagawa ng mga bagay na lumalabag sa mga batas at regulasyon, na nagdudulot ng mga negatibong epekto sa iglesia at lumilikha ng malalaking hadlang sa gawain ng ebanghelyo, dapat kaagad na pangasiwaan ng iglesia ang mga taong ito. Una, bigyan sila ng babala, at kung masyadong malubha ang sitwasyon, patalsikin o paalisin sila. Hindi ninyo sila dapat pakitaan ng anumang paggalang. Anong uri ng mga tao iyong mahilig maghanap ng gulo? Halimbawa, ang ilang tao, habang nagnenegosyo o nagpapatakbo ng mga pabrika sa mundo, ay nakikisalamuha sa mga kahina-hinalang indibidwal at madalas na gumagawa ng mga bagay na lumalabag sa mga batas at regulasyon. Ngayon, hindi sila nagbabayad o kulang ang ibinabayad nilang buwis; bukas, nakikisali sila sa pandaraya at panlilinlang, o nasasangkot pa nga sa mga kasong legal dahil sa pagdudulot ng kamatayan. Dahil sa mga bagay na ito, madalas silang ipatawag ng korte, ginugugol ang mga araw nila sa mga kaso, at palaging nasasangkot sa mga alitan. Kaya bang manampalataya ng gayong mga tao sa Diyos nang taos-puso? Imposible iyon. May ilang tao ring nagsasabing nananampalataya sila sa Diyos pero kumikilos sa mga lubhang kakaiba at abnormal na paraan. Ngayon, nililigalig nila ang kasalungat na kasarian; bukas, maaaring mambastos sila ng isang tao nang seksuwal at maiulat. Masasabi mo bang mahilig maghanap ng gulo ang ganitong mga tao? (Oo.) Kung gayon, kaya bang manampalataya ng gayong mga tao sa Diyos nang taos-puso? (Hindi.) Ang mga taong ito na mahilig maghanap ng gulo, pagkatapos manampalataya sa Diyos, ay palagi pa ring nakikisalamuha sa mga kahina-hinalang indibidwal mula sa lipunan at patuloy na nagdudulot ng mga alitan, tulad ng mga alitan sa mga emosyonal na usapin, pananalapi, ari-arian, o mga pansariling interes. O, dahil sa ilang insidente na nagdudulot ng tensyon sa isa sa mga relasyon nila, o dahil sa hindi patas na paghahati ng mga nakaw na yaman nila, palaging may mga taong naghahangad na magdulot sa kanila ng kaguluhan. Kapag dumadalaw ang mga kapatid sa bahay nila paminsan-minsan, maaaring makasalubong nila ang mga kahina-hinalang tao na ito. Kahit kapag nasa mga pagtitipon sila o gumagawa ng tungkulin nila, paminsan-minsan ay sumusulpot ang mga kahina-hinalang taong ito sa pinto nila o nagpapadala ng mga nanliligalig na mensahe, kaya ang sinumang kasama ng mga taong ito na mahilig maghanap ng gulo ay malamang na madamay sa mga kaguluhan nila; sa partikular, ang gawain at reputasyon ng iglesia ay lalo pang malamang na maaapektuhan at mapipinsala ng mga taong ito. Sabihin mo sa Akin, mabuti ba para sa gayong mga tao na manatili sa iglesia? (Hindi.) Ang ganitong uri ng tao ay dapat ding paalisin at pangasiwaan.

May ilang tao rin, anuman ang propesyon nila sa lipunan, na palaging gustong sumalungat sa pamahalaan, sa mga opisyal ng pamahalaan, o sa mga partikular na grupong panlipunan at mga pampublikong personalidad. Ngayon, inilalantad nila ang mga hindi makatarungang pagkilos ng pamahalaan; bukas, nagsasampa sila ng kaso

laban sa ilang grupo o organisasyon, humihingi ng kabayaran para sa mga pinsala; sa makalawa, inilalantad nila ang pribadong buhay ng isang pampublikong personalidad, na nagtutulak sa mga tao na hanapin sila. Paghahanap ba ito ng gulo? (Oo.) Kahit pagkatapos nilang manampalataya sa Diyos, gusto pa rin nilang patuloy na makisangkot sa mga usaping panlipunan. Kapag may nakikita silang bagay na hindi nila ikinasisiya at ikinagagalit nila, palagi nilang gustong manindigan para sa katarungan para magpakitang-gilas, o magsulat ng isang komento o artikulo para husgahan ang mga tama at mali ng usaping iyon. Ano ang nangyayari sa huli? Wala silang naisasakatuparang anuman, kundi nauuwi sa pagdudulot ng sangkatutak na kaguluhan para sa sarili nila, nasasangkot sa mga kaso at nasisira ang reputasyon nila. At palaging may mga kahina-hinalang tao mula sa lipunan na naghahanap sa kanila, gustong maghiganti o kumilos laban sa kanila, kaya namumuhay sila sa matinding takot. Para makatakas sa ganitong uri ng buhay at maiwasan ang kaguluhan, bumibili sila ng ilang bahay, ipinaliliwanag na, “Sabi nga nila, ‘Ang isang tusong kuneho ay may tatlong lungga.’ Isa lang sa tatlong bahay ko ang alam ng publiko; walang nakakaalam sa dalawa pa. Pinananatili ko ang mga ito para sa paggamit ng iglesia at para matirhan ng mga kapatid.” Sa palagay mo ba ay magiging ligtas ang mga kapatid kung mananatili sila roon? (Hindi, hindi sila magiging ligtas.) Napakagandang pakinggan ang lahat ng salita nila, at mabuti ang intensyon nila sa paggawa nito, pero dahil sa karakter nila at kapintasan nila sa pagkahilig na maghanap ng gulo, sino ang maglalakas-loob na manatili sa bahay nila? Kung mananatili ka roon, maaaring isipin ng mga tao na bahagi ka ng pamilya nila. Kung may sinumang maghahanap para bugbugin sila pero hindi sila matagpuan, hindi ba’t ikaw na lang ang bubugbugin ng mga ito? May ilang tao na mahilig maghanap ng gulo. Kapag nagmamaneho sila nang ordinaryo at napadpad sa isang liblib na lugar, maaari silang harangin ng sinuman, na siya namang kakaladkad sa kanila palabas ng sasakyan, marahas na bubugbugin sila, at bibigyan sila ng babala. Alam nila na ito ay dahil nauna nilang napasama ang loob ng isang tao at nagdala ng kaguluhan sa sarili nila, at na sinumang napasama nila ang loob ay gusto silang pahirapan. Hindi ba’t iyon ang mismong nararapat sa kanila? Ang ganitong uri ng tao ay ang uri na mahilig maghanap ng gulo. Pagkatapos nilang magsimulang manampalataya sa Diyos, anumang usapin ang tinatalakay ng iglesia, palagi nilang gustong makisawsaw; gusto nilang magbigay ng opinyon tungkol sa usapin at magbigay ng ilang komento, sinusubukan ding kumbinsihin ang mga taong makinig sa kanila. Kung hindi tatanggapin ng iglesia ang mga mungkahi nila, labis silang hindi nasisiyahan at naghihinanakit, hindi alam ang sarili nilang mga abilidad. Gaano man karaming kawalan ang dinaranas nila, hindi nila kailanman natatandaan ang mga ito o kinapupulutan ng mga aral ang mga kabiguan nila. Ang gayong mga tao ay nagdudulot ng kaguluhan kahit kapag nananampalataya sila sa Diyos. Sa isang banda, hindi nila nauunawaan ang katotohanan pero palagi pa rin nilang gustong makibahagi sa gawain ng iglesia, sinusubukang makialam sa lahat ng bagay, na nagreresulta sa paggambala at panggugulo nila sa gawain ng iglesia. Sa kabilang banda

naman, tuwing gumugugol sila ng maraming oras kasama ang sinumang kapatid, nagdudulot din sila ng kaguluhan sa mga ito. Ang ganitong uri ng mga tao na mahilig maghanap ng gulo ay isang malaking pasakit. Sa palagay mo ba, ang mga taong mahilig maghanap ng gulo ay mga taong hindi nagdudulot ng mga problema? Mga tao ba sila na marunong lumugar? (Hindi.) Tiyak na hindi sila mga taong marunong lumugar. Karaniwan, ang mga taong namumuhay ng disenteng buhay ay may tendensiyang matutong lumugar. Hangga't walang kinalaman ang mga usaping panlipunan sa pananampalataya nila sa Diyos, ganap na hindi sila nakikibahagi o nagtatanong tungkol sa mga ito. Tinatawag itong pagiging makatwiran, pag-unawa sa panahon, at pag-unawa sa katuturan ng mga bagay-bagay. Ang lipunan at sangkatauhang ito ay napakabuktot at komplikado. Gaya ng sinasabi ng mga walang pananampalataya, "Sa magulong kapanahunan at magulong mundong ito, kailangang matutunan ng mga tao kung paano protektahan ang sarili nila." Higit pa rito, palagi kang nagkokomento tungkol sa mga usaping panlipunan at gustong makibahagi sa mga ito, pero hindi iyon ang landas na dapat mong tahakin sa buhay. Ang paggawa ng mga bagay na iyon ay walang halaga at hindi ang tamang landas sa buhay. Kahit na nakapagsasalita ka nang patas, hindi pa rin iyon maituturing na makatarungang layunin. Bakit hindi? Dahil walang pagiging patas sa mundong ito; hindi ito pinahihintulutan ng masasamang kalakaran. Kung talagang makapagsasalita ka ng mga patas at matapat na salita sa sambahayan ng Diyos, may halaga at kabuluhan iyon. Pero kung magsasalita ka ng mga patas at matapat na salita sa masama, tiwali, at magulong mundong ito ng tao, ang gayong mga salita ay madaling mag-aanyaya ng gulo at magdadala ng panganib. Hindi ba't magiging napakahangal sabihin ang gayong mga salita kung ganoon? Ang paggawa nito ay hindi lang hindi magpapahintulot sa iyo na mamuhay nang may kabuluhan, kundi magdadala rin ito sa iyo ng walang katapusang kaguluhan. Kaya, nakikita ng matatalinong tao na ang mga usaping panlipunang ito ay isang salot at lumalayo at umiiwas sila sa mga ito, samantalang lumalapit sa mga ito ang mga hangal na tao, nagdadala ng napakalaking kaguluhan sa sarili nila. May ilang tao sa partikular, matapos magsanay ng martial arts nang ilang araw, ang natututo ng ilang magarbong teknik at nagkakamit ng kaunting kasikatan, at pagkatapos ay gustong makipaglaban para sa katarungan at nakawan ang mayayaman para tulungan ang mahihirap. Gusto nilang gampanan ang papel ng isang kabalyerong lagalag o mandirigma, naglilibot para itama ang mga mali, at nangunguna pa nga sila para tumulong tuwing nakakakita sila ng kawalang katarungan. Bilang resulta, humahantong ito sa kaguluhan—hindi nila napagtatanto kung gaano kakomplikado ang lipunan. Sabihin mo sa Akin, kapag kumikilos ka para tumulong, hindi ba't mauuwi ka sa pagpapasama ng loob ng ilang tao? Hindi ba't masisira mo ang maiingat na plano na ginawa ng ilang tao? (Oo.) Kapag nasira mo ang maiingat na plano na mayroon ang mga tao, palalampasin ka ba ng mga ito? (Hindi.) Maaaring sabihin mong, "Ang isinasagawa ko ay isang makatarungang layunin," pero kahit isa pa itong makatarungang layunin, hindi iyon puwede—hindi ka pahihintulutan ng mundong ito na magsagawa ng mga

makatarungang layunin. Kung gagawin mo ito, maghahanap ka ng gulo. Hindi ito nauunawaan ng mga hangal, hindi nila makilatis ang mundo. Palagi nilang iniisip na, dahil mga kabalyerong lagalag sila, dapat silang kumilos para tulungan ang iba. Pero sa huli, sinisira nila ang maiingat na plano ng isang tao, at ang taong iyon ay naghahangad na maghiganti sa kanila at tumatangging huminto. Ganito sila naghahanap ng sakuna. Palihim na sinisimulang alamin ng ibang tao ang pangalan nila, kung saan sila nakatira, kung ano ang sitwasyon ng pamilya nila, kung sinu-sino ang miyembro ng pamilya nila, kung may anumang impluwensiya ba sila sa lugar na iyon, at kung paano pinakamainam na kumilos laban sa kanila. Kapag may malinaw nang pang-unawa ang taong iyon tungkol sa lahat ng ito, saka siya nagsisimulang kumilos laban sa “kabalyerong lagalag,” na ang buhay ay nagiging mahirap mula noon. Ang ganitong uri ng mga tao ay palaging naghahanap ng gulo at, gaano kalaki man ang mga kawalang dinaranas nila, hindi nila kailanman natututunan ang leksiyon nila. Kapag nakakatagpo sila ng isang bagay na sa tingin nila ay hindi makatarungan, gusto pa rin nilang makipaglaban para sa katarungan, at kumilos para tumulong. Hindi lang sila nagdadala ng kaguluhan sa sarili nila, kundi inilalagay rin nila ang pamilya nila sa panganib, at minsan pa nga ay isinasangkot dito maging ang mga kaibigan o kasamahan nila sa trabaho. Kung nananampalataya sila sa Diyos at pumapasok sa iglesia, maaari din nilang mailagay sa panganib ang mga kapatid. Halimbawa, kung masangkot sila sa kaguluhan sa lipunan at may isang taong gustong maghiganti sa kanila, at alam ng taong iyon na dumadalo ka sa mga pagtitipon kasama nila, maaari itong lumapit sa iyo para sa impormasyon tungkol sa sitwasyon nilang personal at sa pamilya. Kaya, sasabihin mo ba sa taong iyon o hindi? Kung sasabihin mo, parang ipinagkanulo mo sila, na magdudulot ng kaguluhan sa kanila; kung hindi mo sasabihin, maaaring pahirapan ka ng taong iyon. Masyadong maraming masamang tao sa mundong ito, at ang masasamang tao ay pawang walang katwiran. Kung may magpapasama ng loob nila, gagamitin nila ang lahat ng paraan para maghiganti. Hindi ba’t iyon ang kaso? (Oo.) Anuman ang uri ng kaguluhan na kinasasangkutan ng mga taong mahilig maghanap ng gulo, palagi itong nagdudulot ng kaguluhan at panggugulo sa pagganap ng kanilang tungkulin at maaari ding makaapekto sa gawain ng iglesia sa iba’t ibang antas. Kung ang isang tao ay palaging naghahanap ng gulo, sa palagay ba ninyo na ang pagbabahagi ng katotohanan sa kanya ay makalulutas sa problemang ito? (Hindi.) Ang ganitong uri ng mga tao ay kadalasang walang tamang katwiran. Kahit kapag nasasangkot sila sa kaguluhan, hindi nila ito nakikita bilang isang kaguluhan; maaaring isipin pa nga nila na may pagpapahalaga sila sa katarungan. Sa gayong mga kaso, walang silbi ang pagbabahagi sa kanila ng katotohanan dahil may baluktot na pagkaarok sila, mga kakatwang indibidwal sila. Hindi madaling tumanggap ng katotohanan ang mga kakatwang indibidwal. Maaaring sabihin ng ilang tao na, “Nahaharap sila sa paghihirap; paano natin sila ipagsasawalang-bahala? Paanong hindi natin sila pakikitaan ng awa? Dapat natin silang tratuhin nang may pagmamahal.” Ayos lang ang pagtrato sa kanila nang may pagmamahal, pero matatanggap ba nila ito? Kung

hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan at patuloy na pinanghahawakan ang sarili nilang mga pananaw, angkop ba para sa iyo na patuloy na magbahagi sa kanila ng katotohanan nang walang katapusan? (Hindi.) Bakit hindi ito angkop? (Ang ganitong uri ng mga tao ay hindi taos-pusong nananampalataya sa Diyos. Ang diwa nila ay sa mga hindi mananampalataya. Kahit magbahagi pa tayo ng katotohanan sa kanila, hindi nito malulutas ang problema, at makapagdadala pa rin sila ng maraming kaguluhan sa iglesia.) Kaya, dapat bang paalisin ang ganitong uri ng mga tao? (Oo, dapat silang paalisin.)

May isa pang uri ng mga tao na mahilig maghanap ng gulo. Sa iglesia, palagi nilang inuudyukan ang mga kapatid na gumawa ng mga partikular na bagay. Halimbawa, sinasabi nilang: "Ang hakbang na iyon na isinagawa ng pamahalaan at ang polisiyang binalangkas nila ay hindi makatwiran. Bilang mga Kristiyano, dapat tayong magsagawa ng pagiging matuwid, dapat tayong magsalita at hindi maaaring mabahag ang ating buntot tulad ng mga duwag. Kailangan nating magmartsa sa mga kalsada nang may mga bandera at magprotesta, ipinaglalaban ang kapakanan ng mga kapatid, ng ating iglesia, at ng lahat ng sangkatauhan!" At ano ang resulta nito? Bago pa man sila makapagmartsa, natuklasan na ito ng pamahalaan, at ipinatatawag na sila ng hukuman. Sabihin mo sa Akin, mapalad ba o hindi mapalad para sa iglesia na magkaroon ng gayong mga tao? (Hindi mapalad.) Sinasabi ng ilang tao: "Lumalabas na may gayong mga taong may talento ang ating iglesia—may potensiyal ang taong ito na maging lider! Tingnan mo ang mga tao sa ating iglesia; lahat sila ay mababang-loob at sumusunod, walang impluwensiya sa lipunan. Mahina ang loob nila at hindi nangangahas na pangasiwaan ang anumang malalaking isyu, at sobrang natatakot sila na maghanap ng gulo. Iba ang taong ito—siya ay matapang, may kabatiran, at mapagpasya; may impluwensiya rin siya sa lipunan, may kapabilidad, at kapag nakakakita siya ng kawalang katarungan, nangangahas siyang manindigan at kumilos. Kahit kapag nahaharap sa kasong legal, hindi siya natataranta o nababalisa. Ang kakayahan ng kanyang pag-iisip ay likas na angkop sa pagiging isang opisyal. Kung ang taong ito ay masasangkot sa politika, magiging isang kinatawan siya o kahit papaano ay gobernador ng isang probinsya. Hindi tayo sapat na mahusay. Kaya, dapat piliin siya ng iglesia na maging lider. Kung pamumunuan niya tayo, tiyak na magkakamit tayo ng kaligtasan!" May ilang hangal na tao na partikular na mataas ang pagtingin sa mga taong mahilig maghanap ng gulo sa lipunan at iniidolo ang mga ito, ginugusto pa ngang ihalal ang mga ito bilang mga lider ng iglesia. Sa palagay ba ninyo ay naaangkop ito? (Hindi.) Bakit hindi ito naaangkop? Hindi ba't kailangan ng iglesia ang gayong "mga taong may kapabilidad"? (Hindi kailangan ng iglesia ang gayong mga tao. Dapat pamunuan ng mga lider ng iglesia ang hinirang na mga tao ng Diyos para magkakasamang kumain at uminom ng mga salita ng Diyos sa mga pagtitipon, hangarin ang katotohanan, at gawin ang tungkulin nila sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Bagaman tila may diumano'y tapang, pananaw, at pagiging mapagpasya ang gayong mga tao sa panlabas, hindi nila kayang gawin ang ganitong uri ng gawain at magdudulot sila ng walang katapusang kaguluhan sa iglesia. Samakatwid, hindi sila nararapat na

maging mga lider ng iglesia.) Hayaan mong sabihin Ko sa iyo, isang pagkakamali para sa ganitong uri ng tao na manatili sa iglesia, at magiging mas mapaminsala pa nga ang ihalal ang gayong mga tao bilang lider. Saan nila aakayin ang iglesia? Gagawin nilang isang relihiyosong grupo ang iglesia! Ito ay dahil kapag nakikita nila ang mga kawalang katarungan sa lipunan, magsasampa sila ng mga kaso; kapag nakikita nila ang masasamang tao na inaapi ang mahihirap, ipaglalaban nila ang mga ito; kapag nakikita nila ang mga tiwaling opisyal na brutal na nananakit sa mga tao, gugustuhin nilang ipaglaban ang katarungan sa ngalan ng Langit. Dahil dito, kayong lahat ay unti-unti ring magiging mga kabalyerong lagalag na lumalaban para sa katarungan. Sa ganitong paraan, maaari pa rin ba kayong magtamo ng kaligtasan? Sa panlabas, maaaring tila medyo may kapabilidad ang mga taong mahilig maghanap ng gulo, pero sa huli, ano ang nangyayari? Lahat sila ay itinitiwalag dahil sa paggambala at panggugulo sa gawain ng iglesia, dahil ang landas na tinatahak nila ay hindi ang tamang landas. Anumang uri ng gulo ang hinahanap nila, hindi sila tumatahak sa tamang landas, ni hindi sila sumusunod sa kalooban ng Diyos. Wala sa mga ginagawa nila ang may anumang kaugnayan sa iglesia, sa gawain ng Diyos, o sa mga layunin ng Diyos; lahat ng ginagawa nila ay malayo sa mga layunin ng Diyos at lumilihis sa tamang landas. Ang kalikasan ng paghahanap nila ng gulo ay na nakikisalamuha at nasasangkot sila sa mga diyablo; pinahihirapan sila ng mga diyablo. Samakatwid, dapat malinaw na humiwalay ang sambahayan ng Diyos sa gayong mga tao. Kung paulit-ulit silang maghahanap ng gulo, tumatangging makinig sinuman ang magtangkang magpayo sa kanila, at sila ay naghahanap ng gulo nang hindi natututo mula sa mga pagkakamali nila, gumagawa pa nga ng mga walang ingat na maling gawain, dapat silang hikayating umalis. Maaari mong sabihin: “Tingnan mo ang lahat ng kaguluhang hinanap mo, kung gaano kalaking hadlang ito sa gawain ng iglesia, at kung gaano karaming pagganap ng tungkulin ng mga tao ang naapektuhan. Paanong hindi mo ito napagtatanto? Ang lawak ng iyong pag-iisip ay sobra-sobra—sapat ang lawak nito para saklawan ang buong mundo. Ang isang taong tulad mo ay dapat makipagsapalaran sa mundo; dapat mong linangin ang iyong sarili at pamunuan ang bansa, nagdadala ng kapayapaan sa mundo. Nababagay ka sa pakikisalamuha sa matataas na opisyal; saka ka lang makaaangat sa pangkaraniwan at magagawang makipagsapalaran at magtagumpay. Ang pananatili kasama ng mga taong nananampalataya sa Diyos araw-araw—hindi ba’t hahadlangan ka lang niyon sa iyong malalaking ambisyon at lilimitahan ang iyong kakayahang makipagsapalaran at magtagumpay? Tingnan mo kami—wala sa amin ang may malalaking adhikain. Nakatuon lang kami sa pananampalataya sa Diyos, sa pagbabasa ng mas maraming salita ng Diyos para maunawaan ang ilang katotohanan, at sa paggawa ng mas kaunting kasamaan, at pagkatapos marahil ay matatamo namin ang pagsang-ayon ng Diyos—iyon lang iyon. Kaming lahat ay mga taong siniraan at ininsulto ng mga makamundong tao, tinanggihan ng mundo, kaya hindi ka nararapat na makisalamuha sa mga katulad namin. Mas makabubuti sa iyo kung babalik ka sa mundo at magsisikap doon; marahil ay makakamit mo ang malaking

tagumpay at maisasakatuparan ang iyong mga ambisyon.” Naaangkop ba ang panghihikayat sa kanilang umalis sa ganitong paraan? Mabuting paraan ba ito para lutasin ang isyu? (Oo.) Ganito dapat pangasiwaan ng iglesia ang gayong mga hindi mananampalataya; ang paglutas sa usapin sa ganitong paraan ay ganap na naaayon sa mga katotohanang prinsipyo.

Anong iba pang mga uri ng mga tao ang mahilig maghanap ng gulo? May isang uri ng tao na partikular na popular sa kasalungat na kasarian at palaging nakikipaglandian sa mga kahina-hinalang indibidwal. Hindi sila naghahangad ng isang wastong romantikong relasyon; sa halip, nagpapanatili sila ng mga napakalapit at hindi wastong relasyon sa maraming tao sa kasalungat na kasarian. Dahil hindi nila maayos na mapangasiwaan ang mga relasyon na ito, posible na magselos at maghiganti pa nga sa isa’t isa ang mga taong nilalandi nila. Kaguluhan ba ito para sa kanila? (Oo.) Isa rin itong malaking kaguluhan. Maaaring walang pakialam ang ilang tao tungkol sa mga usaping ito, pero ang gayong mga bagay ay madalas na nagdudulot ng problema sa kanilang personal na buhay at sa kanilang pananalig, at maaari pa nga itong makaapekto sa kanilang personal na kaligtasan. Ang mga kaguluhang ito ay patuloy na sumusunod sa kanila, at iyong mga madalas makisalamuha sa kanila ay hindi maiiwasang madadamay rin. Nasa tunay na romantikong relasyon man sila sa mga indibidwal na ito sa kasalungat na kasarian o nakikipaglandian lang at ginagamit ang isa’t isa, wala tayong pakialam sa gayong mga usapin. Ano ang inaalala natin? Inaalala natin kung ang mga kaguluhang idinudulot nila ay may anumang masamang epekto sa mga kapatid o sa iglesia. Kung may epekto ito, dapat makialam ang iglesia para ayusin at pangasiwaan ang isyu, pinapayuhan silang asikasuhin nang maayos ang mga kaguluhang ito. Sa kung paano nila aasikasuhin ito, hindi tayo makikialam. Kung, gaano man sila payuhan, tumatanggi pa rin silang makinig at hindi inaasikaso o nilulutas ang mga kaguluhang ito, dapat silang ibukod at bigyan ng babala: “Kailangan mo munang asikasuhin ang mga personal mong kaguluhan. Kapag naayos na ang mga ito, maaari ka nang magpatuloy sa paggawa ng iyong tungkulin. Kung hindi mo aasikasuhin ang mga ito nang maayos, mananatili kang nakabukod.” Bagaman mga mananampalataya sila at maaaring gumagawa pa nga ng kanilang tungkulin—marahil isang mahalagang tungkulin pa nga—dahil sa mga seryosong problema sa kanilang personal na buhay at dahil ang kaguluhang hinahanap nila ay maaaring makaapekto sa gawain ng iglesia, hindi ito maaaring balewalain ng mga lider ng iglesia, sapagkat ang mga kaguluhang ito ay nagdudulot ng mga potensyal na panganib. Halimbawa, maaaring malaman mula sa kanila ng mga taong nakakarelasyon nila ang ilan sa mga sitwasyon ng iglesia o mga personal na impormasyon tungkol sa mga kapatid. Kung isisiwalat nila ang impormasyong ito sa mga taong may masamang intensyon o sa malaking pulang dragon, makasasama ito kapwa sa iglesia at sa mga kapatid. Kaya, para sa iglesia, ang mga kaguluhang ito o mga potensyal na panganib ay dulot nilang lahat, kaya dapat ipalutas muna sa kanila ng iglesia ang mga personal na kaguluhan nila. Kung ganap nilang maaasikaso ang mga kaguluhan, maaaring

magdesisyon ang sambahayan ng Diyos na tanggapin silang muli batay sa kanilang mga sitwasyon. Pero kung patuloy nilang hindi lulutasin ang mga kaguluhan nila at gusto pa ring gawin ang tungkulin nila, ano ang dapat gawin? (Hindi sila dapat pahintulutang gawin ang tungkulin nila.) Sa kasong iyon, dapat silang hikayating umalis o paalisin. Sa madaling salita, maging ito man ay mga lider ng iglesia o mga kapatid, kapag natuklasan nila na may mga tao sa iglesia na mahilig maghanap ng gulo, dapat nilang harapin ang usapin nang naaayon sa mga prinsipyo at kaagad itong pangasiwaan. Hindi nila dapat hintayin na magdala ng panganib ang mga indibidwal na ito sa mga kapatid o magdulot ito ng kaguluhan sa gawain ng iglesia bago ito pangasiwaan at lutasin.

May ilang tao na mabilis magdulot ng kaguluhan at makipag-away at makipagbasag-ulo. Pakiramdam nila palagi na malakas sila sumuntok, palaging gustong talunin ang lahat sa mundo, o, kung marunong sila ng kaunting magarang martial arts, gusto nila palaging gumamit ng dahas at puwersa laban sa iba. Hindi ba't ang ganitong klaseng tao ay mahilig ding maghanap ng gulo? (Oo.) Mayroon ding mga hindi marunong lumugar saanman sila magpunta. Hindi sila sumusunod sa mga patakaran o sa kaayusang pampubliko at palaging gustong maging hindi pangkaraniwan. Kapag nagmamaneho, ipinipilit nilang tumakbo kahit pula ang ilaw, o iginigiit na lumiko sa kaliwa kung saan hindi ito pinahihintulutan, at kapag pinara at pinagmulta ng pulis, tumatanggi silang tanggapin ito at gustong iulat ang opisyal. Kita mo, nangangahas silang iulat ang sinuman. Kahit pa kumikilos ayon sa batas ang pulis, gusto pa rin nilang ireklamo ito—binabalewala nila ang batas. Hindi ba't ang mga hangal na ito ay mahilig maghanap ng gulo? (Oo.) Iniisip ng ganitong uri ng tao na mahilig maghanap ng gulo na mayroon silang Diyos na masasandigan dahil nananampalataya sila sa Kanya, at na ang iglesia ay may maraming bilang ng tao at malaking impluwensiya, at kaya wala silang kinatatakutang anuman. Gumagawa sila ng mga walang ingat na maling gawain saanman para ipagyabang ang kanilang mga kapabilidad at para ipakita kung gaano sila kabigatin. Kahit pagkatapos masangkot sa legal na problema, hindi nila alam kung paano baguhin ang landas nila. Sa huli, ano ang sinasabi nila? "Talagang masama ang mundong ito. Inaresto ako dahil lang sa paninindigan para sa katarungan. Talagang hindi patas ang mundong ito!" Tumatanggi pa rin silang aminin ang mga pagkakamali nila. Nang-uudyok at nagdudulot sila ng kaguluhan sa sarili nila, pero nagrereklamo sila na hindi ito patas sa kanila. Hindi ba't sobrang kakatwa nito? (Oo.) Gaano man kasama o kadilim ang mundo, hindi matalino para sa kanila ang mag-udyok ng kaguluhan. Hindi kailanman hiningi ng Diyos sa sinuman na mag-udyok ng kaguluhan, ni hindi Niya hiningi sa sinumang gamitin ang bandera ng pananampalataya sa Diyos para makipaglaban para sa katarungan at magpatupad ng katarungan sa ngalan ng Langit. Sinasabi ng ilang tao, "Ang mga batas ng mundong ito ay hindi ang katotohanan, kaya hindi kailangang sundin ang mga ito." Kahit na ang batas ay hindi ang katotohanan, hindi kailanman sinabi sa iyo ng Diyos na maaari mong labagin ang batas ayon sa iyong kagustuhan, ni hindi Niya sinabi sa iyo na maaari kang pumatay o manunog. Hinihingi sa iyo ng Diyos na sundin ang batas at

sumunod sa kaayusang pampubliko sa lipunan, na matutong sundin ang mga moral na pamantayan at sundin ang mga patakaran saan ka man magpunta, na huwag galitin ang mga tao, at huwag maghanap ng gulo. Kung lalabagin mo ang batas, ikaw mismo ang magpapasan ng mga kahihinatnan—huwag mong asahan na aakuin ng sambahayan ng Diyos ang responsabilidad para sa iyo, dahil ito ay personal na pag-uugali at kumakatawan lang sa iyo bilang isang indibidwal; hindi ka kailanman sinabihan ng sambahayan ng Diyos na gumawa ng anumang ilegal. Saanmang bansa mo pinangangasiwaan ang mga usapin, ipinag-uutos ng sambahayan ng Diyos na suriin mo ang batas at kumonsulta ka sa abogado. Anumang sinasabi ng abogado ay naaangkop, iyon ang dapat mong gawin. Kung hindi ka pinayuhan ng abogado na kumilos sa isang partikular na paraan, at kumilos ka nang walang alam, ginawang palpak ang mga usapin, at nilabag ang batas, ikaw mismo ang magpapasan ng mga kahihinatnan—huwag kang magdala ng kaguluhan sa sambahayan ng Diyos. Kahit na ang iminumungkahing paraan ng abogado ay hindi ang pinakamainam na pagpipilian, kailangan mo pa ring sundin ang payo ng abogado. Basta't legal ito at hindi magdudulot ng malaking pinsala sa sambahayan ng Diyos, maaari itong gawin. Palaging sinasabi ng sambahayan ng Diyos sa mga tao na kumonsulta sa mga abogado at pangasiwaan ang mga usapin ayon sa batas. Gayumpaman, iniisip ng ilang tao, "Hindi nabibilang sa mundo ang sambahayan ng Diyos, kaya hindi natin dapat sundin ang mga kalakaran ng mundo! Hindi kumakatawan sa katotohanan ang batas—ang Diyos lang ang katotohanan, at ang Diyos ang pinakamataas. Nagpapasakop lang tayo sa katotohanan at sa Diyos!" Bagaman tama ang pahayag na ito, namumuhay ka pa rin sa mundong ito at kailangang pangasiwaan ang maraming makatotohanang isyu. Samakatwid, hindi mo maaaring labagin ang batas, at hindi mo maaaring labagin ang mga katotohanang prinsipyo. Ang pagiging pinakamataas ng Diyos ay tumutukoy sa Kanyang pagkakakilanlan at katayuan; hindi ito isang dahilan para makilahok ka sa mga ilegal na aktibidad o maghari-harian sa lipunan, gawin ang anumang gusto mo, at maghanap ng gulo sa lahat ng dako. Hindi kailanman hinikayat o hiningi ng Diyos sa sinuman na labagin ang batas sa paggawa ng anumang bagay, kundi sinasabi sa iyong sundin ang batas at sumunod sa mga panlipunang panuntunan, na kapag nilabag mo ang batas at naparusahan ka, dapat mong tanggapin ang parusa, at na hindi ka dapat magdulot ng isyu o maghanap ng gulo. Kung palagi kang naghahanap ng gulo, palaging iniisip na dahil nananampalataya ka sa Diyos ay sinusuportahan ka ng Diyos, at kaya wala kang kinatatakutan, sasabihin Ko sa iyo, mali ka! Hindi sinusuportahan ng Diyos ang iyong kawalang takot sa harap ng lahat ng bagay, at hindi magbabayad ang sambahayan ng Diyos para sa lohika mong tulad ng sa isang tampalasan. Huwag na huwag mong iisipin na dahil lang maraming tao sa sambahayan ng Diyos at may malaking impluwensiya ito, maaari mong gawin ang anumang gusto mo. Kung ganito ka mag-isip, mali ka. Ito ang lohika ni Satanas. Hindi kailanman sinabi ng sambahayan ng Diyos ang gayong bagay, at hindi rin ng Diyos. Hindi hinihikayat ng sambahayan ng Diyos ang sinuman na kumilos nang ganito. Totoo na maraming tao ang sambahayan

ng Diyos, pero ang bilang ng mga tao—marami man o kaunti—ay hindi para suportahan ang sinuman, palakasin ang loob ninuman, o protektahan ang sinuman mula sa kaguluhan at ayusin ang lahat. Pinipili ng Diyos ang mga tao para sumunod sila sa Kanya at sundin ang kalooban Niya, para maging pasok sila sa pamantayan bilang mga nilikha at matupad ang tungkulin ng mga nilikha. Hindi ito para kalabanin mo ang mundo, hindi ito para magsabi ka ng magagarbong ideya sa mundo, at tiyak na hindi ito para turuan mo ng leksyon ang mundo. Ang pananampalataya sa Diyos ay hindi tungkol sa pagsalungat sa agos; wala itong kinalaman sa pagsalungat sa agos o paghamak sa mundo. Kaya, huwag kang magkamali ng pagkaunawa sa mga layunin ng Diyos para sa tao, at huwag mong bigyan ng maling pakahulugan o maling pag-unawa ang kabuluhan ng pananampalataya sa Diyos. Ano ang pakay ng Diyos sa pagpili sa mga tao? (Ito ay para sumunod ang mga tao sa Diyos, sumunod sa kalooban ng Diyos, at gawin ang tungkulin ng mga nilikha.) Hinihirang ng Diyos ang mga tao para makamit ang mga ito, para makamit ang tunay na mga nilikha, para makamit ang mga tao na tunay na sumasamba sa Diyos; ito ay para lumitaw ang isang bagong sangkatauhan, isang sangkatauhan na makasasamba sa Diyos. Ang pakay ng Diyos sa pagpili ng mga tao ay hindi para kalabanin ng mga ito ang mundong ito o ang sangkatauhan. Samakatwid, hangga't maaari ay dapat ilayo iyong mga mahilig maghanap ng gulo mula sa iglesia at sa mga lugar kung saan ginagawa ng mga tao ang tungkulin nila, para maiwasang maapektuhan ang pagganap ng tungkulin ng iba.

Tungkol naman sa mga mahilig maghanap ng gulo, anuman ang uri ng kaguluhan ang hinahanap nila, kung nagdudulot ito ng kaguluhan sa iglesia at nakaaapekto sa pagganap ng tungkulin ng mga kapatid, ang mga lider at manggagawa ay dapat kumilos at lutasin ang isyu. Ganap na hindi ito dapat pabayaan. Dapat kaagad nilang maunawaan at maarok ang sitwasyon, linawin ang ugat ng problema, at pagkatapos ay maglabas ng makatwirang solusyon at pangasiwaan ito. Bakit dapat itong pangasiwaan? Sa isang banda, ang mga kaguluhang ito ay makaaapekto sa gawain ng iglesia, buhay iglesia, o sa pagganap ng tungkulin ng mga kapatid. Sa kabilang banda, nakikita man ng iba ang mga indibidwal na ito na mahilig maghanap ng gulo bilang may talento o bilang mga tamad at tampalasan, basta't nagdudulot sila ng kaguluhan, dapat kaagad silang pangasiwaan. Kaya paano sila dapat pangasiwaan? Hindi ito tungkol sa pangangasiwa sa kaguluhan, kundi sa pangangasiwa sa mga taong responsable sa pagdudulot nito. Sa pamamagitan ng pag-aalis sa kanila sa iglesia, ang ugat ng kaguluhan ay malulutas, at ang isyu sa gayon ay mapangangasiwaan. Hinding-hindi ka dapat maging maluwag dahil lang sa tingin mo ay may kapabilidad o may talento ang ilang tao na mahilig maghanap ng gulo. Kung kaya mong maging maluwag sa kanila, isa ka talagang tao na napakagulo ang isip at hindi angkop na maging lider sa iglesia, at dapat kang alisin ng mga kapatid mula sa iyong posisyon. Kung hindi mo pinangangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos at hindi pinoprotektahan ang mga kapatid, kundi sa halip ay pinoprotektahan mo ang masasamang tao at mga gumagawa ng kaguluhan, iniidolo pa

nga sila nang sobra, tinatrato sila bilang mararangal na panauhin at mahuhusay na indibidwal, iniisip na sila ay mga taong may talento na bihira makita sa iglesia, ginagamit sila sa mahahalagang gampanin, at inaayos pa nga ang mga kaguluhan para sa kanila—ganap na hindi ka karapat-dapat para sa papel ng lider ng iglesia. Isa kang tao na naguguluhan at isang huwad na lider, at dapat kang tanggalin at itiwalag. Kung ang isang lider ng iglesia ay tumangging makinig sa payo at iginigiit na protektahan ang isang masamang tao na mahilig maghanap ng gulo o ginagamit ang mga ito sa mahahalagang gampanin, hindi lang dapat alisin ng mga kapatid ang lider kundi isama rin ito sa taong iyon na mahilig maghanap ng gulo at paalisin sila pareho. Hindi ba't iniidolo mo ang tao na naghahanap ng gulo? Pakiramdam niya ay protektado mo rin siya, at magkasundong-magkasundo kayo—puwes kung ganoon, pasensya na, pero pareho kayong kailangang umalis. Hindi kailangan ng sambahayan ng Diyos ang sinuman sa inyo! Kung may mga tao sa iglesia na mahilig maghanap ng gulo, at walang alam ang mga nakatataas na lider, habang ang lider ng iglesia ay magulo ang isip at walang pagkilatis, ang mga kapatid na nakauunawa sa katotohanan ang dapat kumilos para lutasin ang isyu. Una, dapat nilang kaagad na iulat ang usapin sa mga nakatataas na lider. Bukod dito, dapat silang makiisa sa iba pang mga kapatid para magbahaginan at kilatisin ang huwad na lider. Kapag nakumpirma nang ito ay isang huwad na lider, dapat itong tanggalin o alisin, at dapat maghalal ng isang bagong lider—isang taong kayang pangalagaan ang mga interes ng sambahayan ng Diyos, ang gawain ng iglesia, at ang buhay iglesia. Angkop ba ang ganitong pagsasagawa? (Oo.) Magkasamang alisin ang lider ng iglesiang ito at ang taong mahilig maghanap ng gulo. Hindi ba't sila ay dalawang tao na magkasundong-magkasundo dahil sa kanilang magkaparehong mga ubod ng samang katangian, kinaiinggitan at hinahangaan ang isa't isa? Kung gayon, pagbigyan ang kahilingan nila at hayaan silang bumalik sa mundo nang magkasama—ayaw ng sambahayan ng Diyos sa mga taong kagaya nila. Kung mananatili sila sa iglesia, maghahanap at lilikha lang sila ng kaguluhan, magdudulot ng malaking pinsala sa gawain ng iglesia. Dapat silang alisin. Saanman nila gustong pumunta at gaano kalaking gulo man ang gusto nilang hanapin ay sarili na nilang problema. Sa anumang kaso, wala itong kaugnayan sa iglesia at hindi madadamay ang iglesia. Hindi ba't malulutas niyon ang isyu? (Oo.) Medyo mabuti ang solusyong ito. Diyan nagtatapos ang pagbabahaginan natin tungkol sa ikalabindalawang pagpapamalas, hinggil sa mga taong mahilig maghanap ng gulo.

M. Pagkakaroon ng Isang Komplikadong Pinagmulan

Tingnan natin ang susunod na pagpapamalas: ang pagkakaroon ng isang komplikadong pinagmulan. Anu-anong uri ng mga tao ang sa palagay ninyo ay may mga komplikadong pinagmulan? (May ilang tao na sangkot sa parehong kriminal na underworld at mga lehitimong pangkat, at medyo komplikado ang mga panlipunang pinagmulan nila—nabibilang ba sila sa kategoryang ito?) Kapag pinag-uusapan natin ang mga komplikadong pinagmulan, tiyak na tinutukoy natin ang mga taong maalam sa kalakaran

ng mundo. Ano ang karaniwang ugali ng mga taong maalam sa kalakaran ng mundo? Ito ay na umuupo sila nang nakadekuwatro, at nagsisimulang magsalita nang walang tigil; paligoy-ligoy sila sa pagsasalita tungkol sa kung ano-ano, at nagagawang sandaling sumatsat tungkol sa mga pambansa at pandaigdigang usapin, pero wala ni isang salitang sinasabi nila ang totoo—ang lahat ng ito ay kayabangan na gawa-gawa o kathang-isip lang. Ang mga hambog ay hindi tiyak na ang may mga komplikadong pinagmulang panlipunan. Ang mga hambog ay maaaring mga tamad lang, at mga karaniwang tao lang—saanman sila magpunta, nagyayabang sila, nagsasalita tungkol sa matatayog at mga hindi makatotohanang bagay para ilihis ang mga tao at pataasin ang tingin ng mga tao sa kanila, at hindi nagtatagal bago masira ang reputasyon nila. Anong mga uri ng mga tao ang may mga komplikadong pinagmulan? Halimbawa, may mga taong sumasali sa isang partidong politikal sa lipunan, pero pagkatapos sumubok ng ilang taon, hindi sila nagkakamit ng anumang katayuan. Pagkatapos, sumasali sila sa ibang partido, at sa wakas ay nakakakuha sila ng posisyon bilang isang mababang lider o opisyal. Mayroon silang mga partikular na komplikadong koneksiyong panlipunan. Walang sinumang tiyak na makapagsasabi kung kaibigan o kaaway nila ang mga taong nakakasalamuha nila—hindi ito alam maging ng sarili nilang pamilya, sila lang ang nakaaalam. Hindi ba't ang gayong mga tao ay may mga komplikadong pinagmulan? (Oo.) Ang mga taong ito ay may mga komplikadong pinagmulang politikal. Ngayon ay sinusuportahan nila ang partidong ito, bukas ay susuportahan nila ang isang iyon; ngayon ay sinusuportahan nila ang isang tao para sa halalan, at bukas ay susuportahan nila ang iba pa. Sa madaling salita, walang nakaaalam kung ano talaga ang iniisip nila. Hindi nila sinasabi sa mga karaniwang tao kung sino talaga ang sinusuportahan nila, o kung ano talaga ang paninindigang politikal o mga layong politikal nila; partikular na malihim sila tungkol sa mga bagay na ito, at hindi alam ng mga karaniwang tao—maging ng sarili nilang pamilya—ang mga bagay na ito tungkol sa kanila. Gayumpaman, partikular na maalab ang damdamin nila tungkol sa politika, at may ilan silang kakilala at ang ilang tao sa politikal na larangan ay kilala nila; hindi pa nga lang nila natutupad sa ngayon ang mga ambisyon nila. Pagkatapos pumasok ng ganitong uri ng tao sa iglesia, nakikita nila na ang mga kapatid ay mga ordinaryong tao lang na hindi nakauunawa o hindi nakikisangkot sa politika, at sa puso nila, hinahamak nila iyong mga tunay na nananampalataya sa Diyos. Gayumpaman, gusto nila palaging pakinabangan ang kasikatan ng iglesia sa relihiyosong mundo at sa lipunan, o samantalahin ang impluwensiya ng iglesia para gawin ang gusto nila, para tugunan ang mga labis na pagnanais nila o lubusang maisakatuparan ang mga ambisyong politikal nila—ibig sabihin, gusto nilang magtago sa loob ng iglesia at hintayin ang tamang pagkakataon, para magamit nila ang komunidad ng iglesia o mga partikular na tao, pangyayari, at bagay sa loob ng iglesia para tuparin ang mga pampolitikang layon nila. Maituturing ba ang ganitong uri ng tao na may komplikadong pinagmulan? (Oo.) Ang mga kaisipan, mga prinsipyo sa pangangasiwa ng mga usapin, iba't ibang taktika, at ang mga estratehiya at pamamaraan

sa pagsasalita na ginagamit niyong mga nakikilahok sa politika ay mga bagay na hindi makilatis ng mga karaniwang tao. Sa partikular, hindi talaga makilatis ang mga ito ng mga kabataan o niyong mga walang karanasang panlipunan. Para sa mga taong ito na may mga komplikadong pinagmulang politikal, mga laruan sa mga kamay nila iyong mga walang kaalaman sa politika, at lubos na mababa ang tingin nila sa gayong mga tao. Para magbigay ng isang hindi tumpak na halimbawa, sa kaharian ng mga hayop, ang mga pinakatusong nilalang ay mga ahas, soro, at tigre. Mula sa perspektiba ng mga ito, ang mga hayop tulad ng mga tupa, kuneho, usa, at aso ay mga hangal. Tinitingnan ng mga taong may mga politikal na pinagmulan ang karamihan sa mga kapatid sa parehong paraan na tinitingnan ng mga tusong hayop tulad ng mga soro at ahas ang mga walang muwang na hayop tulad ng mga tupa, usa, at aso. Nakikita nila nang malinaw ang mga kapatid, pero hindi sila makilatis ng mga kapatid. Kaya paano natin makikilatis ang mga taong may mga komplikadong pinagmulang politikal? Yaong mga nakikilahok sa politika ay nakatuon ang puso sa politika at kapangyarihan. Hangga't gusto nila ang kapangyarihan at ang pakikilahok sa politika, sa malao't madali ay makikilahok sila sa politika; hindi sila makapananatiling nakatago sa iglesia magpakailanman. Kapag inilantad nila ang sarili nila, mauunawaan mo: "Kung gayon, lumalabas na nananampalataya sila sa Diyos para sa mga pampolitikang layon! Mayroon silang politikal na pinagmulan at hindi sila taos-pusong nananampalataya sa Diyos. May iba silang adyenda sa pananampalataya sa Diyos!" Kapag unang pumapasok ang mga taong iyon sa iglesia, mahusay nilang itinatago ang sarili nila, dumadalo sa mga pagtitipon at ginagawa ang tungkulin nila nang normal. Pero kapag hinog na ang pagkakataon, susubukin nilang gamitin ang iglesia para gawin ang gusto nila, at ang mga labis nilang pagnanais at tunay na mukha ay natural na malalantad. Saka pa lang makikita ng mga kapatid na sila ay mga hindi mananampalataya. Kapag nalantad sila, nagiging napakadali nilang makilatis. Halimbawa, kapag ang isang lobo ay nagbabalatkayong tupa at humahalo sa kawan, maaaring hindi mo makilatis kung isa itong lobo o tupa, pero kapag nagsimula na itong kumain ng mga tupa, makikilatis mo na isa itong lobo. Iyong mga taong sangkot sa politika ay pawang mga hindi mananampalataya na pinasok ang iglesia. Kapag sinusubukan ng mga taong ito na ilihis at hikayatin ang mga kapatid na sumali sa isang partidong politikal at lumahok sa politika kasama nila, makikita mo na huwad ang pananampalataya nila sa Diyos, at na ang tunay na layon nila ay makilahok sa politika—gaano man kakomplikado ang pinagmulan nila, lilitaw ito at malalantad. Sa puntong ito, makikilatis sila ng mga tao. Isa itong uri ng tao na may komplikadong pinagmulan—mga tao na may mga komplikadong pinagmulang politikal.

May isa pang uri ng tao na nabibilang sa kategorya niyong mga may komplikadong pinagmulan. May ilang tao sa lipunan ang hindi marunong lumugar at hindi namumuhay nang disente, kundi sa halip ay mahilig makisalamuha sa mga kahina-hinalang indibidwal. Ang mga indibidwal na ito ay kinabibilangan, halimbawa, niyong mga gumagawa ng pamemeke at panlilinlang o mga kasapi ng kriminal na underworld; iyong mga may

katayuan, kasikatan, at katanyagan sa lipunan, na sa panlabas ay mga opisyal ng pamahalaan o mga negosyante, pero palaging palihim na nagsasagawa ng mga ilegal at kriminal na aktibidad, nakikipagsabwatan sa mga partikular na opisyal o miyembro ng kriminal na underworld para magpuslit ng mga baril, droga, o iba pang mga kontrabandong ipinagbabawal ng estado; pati na rin iyong mga nahatulan at nakulong nang maraming beses at nakagawa ng ilang masamang gawa, tulad ng pagnanakaw sa mga libingan, panggagahasa, seksuwal na pang-aabuso, o mga taong sangkot pa nga sa human trafficking o human smuggling. Ang ganitong uri ng mga tao na may mga komplikadong pinagmulan ay nakikisalamuha sa ganitong mga uri ng mga indibidwal at mayroon pa silang partikular na malalapit na ugnayan sa mga ito—tinatawag nila ang isa't isa na "mga brother," at ginagamit nila ang isa't isa at gumagawa ng mga bagay para sa isa't isa. Sa panlabas, hindi gumagawa ng anumang halatang masasamang gawa ang mga taong ito, at hindi sila nang-uumit, nagnanakaw, pumapatay, o nanununog, pero ang mga grupong inuugnayan nila at ang mga pangkat na ginagalawan nila ay pawang binubuo ng mga hindi disenteng indibidwal na ito. Hindi ba't labis na nakakatakot din ang ganitong uri ng tao? (Oo.) Nakikipagsosyo sila sa mga indibidwal na ito para mamuhunan sa negosyo, at kapag may ginagawang ilegal ang kasosyo nila at kinakailangan ang tulong nila, nagbibigay sila ng tulong. Bagaman maaaring hindi sila ang pangunahing maysala, mga kasabwat sila. Masasabi mo na madalas hinahamon ng ganitong uri ng tao ang mga hangganan ng batas. Ano ang ibig sabihin ng "sumasayad sa gilid ng batas"? (Ibig sabihin nito ay madalas silang gumagawa ng mga aktibidad na maaaring lumalabag sa batas.) Isang aspekto iyon. Bukod pa rito, madalas nilang samantalahin ang mga butas sa batas, at ang mga bagay na kinasasangkutan nila ay pawang malalaking usapin. Kung sakaling mahuli sila, kahit bilang isang kasabwat, maaari silang hatulan ng 10 o 20 taon ng pagkakabilanggo, o pagmultahin nang malaki. Hindi ba't masasabi mo na mapanggulo ang ganitong uri ng tao? (Oo.) Hindi mo sila kailanman nakitang gumagawa ng mga halatang masamang gawa, at hindi mo sila nakitang pumatay ng mga tao, nagsimula ng mga sunog, o nandaya o nagdiin ng sinuman, pero kapag iyong mga tao na nangungurakot at lumalabag sa batas kapwa sa kriminal na underworld at mga lehitimong pangkat ay gumagawa ng mga ilegal na aktibidad para kumita ng malaking pera, ang ganitong uri ng tao ay kumukuha rin ng bahagi nila sa nakaw na yaman at nakikinabang. Masasabi ba ninyo na ang ganitong uri ng tao ay maibibilang na may komplikadong pinagmulan? (Oo.) Magiging mabuting bagay ba para sa gayong mga tao na manatili sa sambahayan ng Diyos? (Hindi.) Nakikisalamuha sila kapwa sa kriminal na underworld at mga lehitimong pangkat, at hindi lang iyon, gumagawa pa sila ng mga ilegal na aktibidad—ito ay isang komplikadong pinagmulan. Kung nakikisalamuha sila sa ilang opisyal ng pamahalaan, at nakikisalamuha at nakikipag-ugnayan sila sa mga ito sa normal na paraan, katanggap-tanggap iyon. Gayumpaman, kung ang mga taong inuugnayan nila ay mga negatibong karakter na sangkot sa iba't ibang ilegal at kriminal na aktibidad, malaking problema iyon, at sa malao't madali, may mangyayaring mali.

Ang ganitong uri ng tao ay mahilig makisalamuha sa mga taong iyon; nakikisakay rin sila sa tagumpay ng mga iyon, umaasa sa impluwensiya ng mga iyon para kumita ng pera, yumaman, at mamuhay nang matiwasay. Maituturing ba silang mabuting tao, kung ganoon? (Hindi.) Madalas sinasabi ng mga tao, “Nagsasama-sama ang mga ibong magkakatulad ang balahibo”—nagagawa nilang makisalamuha kapwa sa mga miyembro ng kriminal na underworld at mga lehitimong pangkat, sa palagay mo, mga disenteng tao ba sila na marunong lumugar? (Hindi.) Tiyak na hindi. Nakikisalamuha sila sa mga indibidwal na iyon, sa isang banda, dahil marahil ay may silbi sila sa mga taong iyon—kaya nilang pangasiwaan ang ilang gampanin para sa mga taong nakakasalamuha nila. Sa kabilang banda naman, ito ay dahil gusto nila ang mga taong nakakasalamuha nila kapwa mula sa kriminal na underworld at mga lehitimong pangkat—ang mga kasanayan, abilidad, at impluwensiya ng mga taong iyon, at ang mga benepisyo na idinudulot ng mga iyon sa kanila, ay pawang mga bagay na kailangan nila at mga bagay na ikinasisiya nila. Kaya, anong uri nga ba sila ng tao? (Hindi sila disenteng tao.) Ganito lang natin ito mailalarawan. Kauri sila ng mga taong nakakasalamuha nila—ginagamit nilang lahat ang isa’t isa. Sa mundong ito, hindi marami ang mga tao na makagagawa ng mga bagay-bagay para sa iyo o ganap na magiging kapalagayang-loob mo at magiging mga kaibigan mo, pero umiiral talaga sila—hindi na kailangang makisalamuha sa gayong mga uri ng mga tao. Ang ganitong uri ng tao ay nakikisalamuha sa kanila, sa isang banda, dahil magkasundong-magkasundo sila dahil sa kanilang magkakaparehong ubod ng samang katangian at dahil magkakatulad sila. Sa isa pang banda, ito ay dahil gagawin ng taong ito ang lahat para sa kapakanan ng sarili niyang mga interes at sa pananatili niyang buhay sa sekular na mundo, at wala talaga siyang mga prinsipyo pagdating sa pakikisalamuha sa mga tao, ni wala siyang mga prinsipyo sa anumang ginagawa niya. Sinasabi pa nga ng mga walang pananampalataya, “Ang isang maginoo ay mahilig sa kayamanan pero kinakamit ito sa tamang paraan,” at sinusunod ito bilang isang pinakamababang pamantayan. Makapamumuhay man sila ayon sa pinakamababang pamantayan na ito o hindi, ano’t anuman, mabibilang ito bilang isang medyo marangal na pilosopiya para sa pananatiling buhay ng sangkatauhan. Gayumpaman, ang ganitong mga uri ng tao na may mga komplikadong pinagmulan, para sa kapakanan ng sarili nilang mga interes at pagtatamo ng pakinabang, ay walang prinsipyo at walang pinipili pagdating sa pakikisalamuha sa mga tao—basta’t magkakamit sila ng mga pakinabang mula rito, makikisalamuha sila sa sinuman. Higit pa rito, labis nilang ipinagmamalaki ang kakayahan nilang makisalamuha sa gayong mga tao, at iniisip na mahusay ang mga pamamaraang ginagamit mismo nila sa pakikisalamuha sa mga tao. Kaya, paano natin dapat tingnan ang ganitong uri ng tao? Sangkot sila sa parehong kriminal na underworld at mga lehitimong pangkat—ito ay isang komplikadong pinagmulan. Ang ganitong uri ng tao ay labis na nakakatakot! Totoo ba ang ipinakikita niyang mukha? Hindi, palagi siyang nakasuot ng maskara. Hinding-hindi mo siya makikilatis o malalaman ang iniisip niya sa loob. Nagsusuot siya ng maskara kapag nakikisalamuha siya sa iyo, at nagkukubli pa

nga kasama ng mga mananampalataya ng Diyos. Tulad lang ito ng isang diyablong nakikihalo sa isang grupo ng mga tao, o isang soro o lobo na sumasalisi sa kawan ng mga tupa. Nagpapadama ba iyon sa iyo ng pagiging ligtas? (Hindi.) Bakit mo iyon nasasabi? Batay ito sa kanyang tuso, malupit, at buktot na kalikasan; patuloy siyang nagpapakana laban sa iyo—para bang palaging may pares ng mga mapanlansi at buktot na mata sa likod mo, binabantayan ang bawat galaw mo—at naghihintay lang siya ng pagkakataon para sirain at lamunin ka. Hindi ba't nakakatakot iyon? (Oo.) Hindi mo kailanman nararamdamang ligtas ka dahil sa ganitong uri ng tao, dahil ang kalikasan at pinagmulan niya ay palaging nagbibigay sa iyo ng pakiramdam na banta siya sa iyo. Anong uri ng banta? Ito ay na kapag nasa malapit siya, palagi mong nararamdamang maaari siyang magpakana laban sa iyo, paglaruan ka, at maglagay ng mga patibong para sa iyo sa anumang oras at lugar, at na hindi mo kailanman malalaman kung kailan ka niya maaaring gamitin o pinsalain, at humantong sa kamatayan sa mga kamay niya o masira dahil sa kanya. Iyon ang dahilan kung bakit ang gayong mga tao ay hinding-hindi dapat panatilihing malapit. Sabihin mo sa Akin, hindi ba't ganito ang mga bagay-bagay? (Ganito nga.) Halimbawa, ang paglalagay ba ng lobo sa kawan ng mga tupa ay magpoprotekta sa mga tupa o magdudulot ng kapahamakan sa mga ito? (Magdudulot ito ng kapahamakan sa mga ito.) Ayon sa kalikasan ng isang lobo, hindi ito kailanman mananatili sa tabi ng mga tupa at poprotektahan ang kaligtasan ng mga ito, dahil sa isipan nito, pagkain nito ang mga tupa, at kapag nagutom ito kailanman o saanman, kakainin nito ang mga tupa; wala itong awa para sa mga tupa at hindi nito palalampasin ang mga ito. Ang isang lobo ay walang mga pakultad ng isang aso. Kung lumaki ang isang aso kasama ng mga tupa, ituturing nito ang mga tupa bilang isang bagay na dapat protektahan, at kapag dumating ang isang lobo para atakihin o kainin ang mga tupa, kikilos ang aso para lumaban, inaako ang responsabilidad ng pagprotekta sa mga tupa bilang tungkuling dapat nitong gampanan—sadyang may ganitong likas na katangian ang mga aso. Pero iba ang mga lobo; likas na katangian ng mga lobo ang gustuhing kumain ng mga tupa. Kapag ang ganitong uri ng tao na may komplikadong pinagmulan ay pinasok ang iglesia, katulad ito sa isang lobo na sumasalisi sa isang kawan ng mga tupa—kapag hindi gutom ang lobo, maaaring hindi ito magdulot ng panganib sa mga tupa, pero kapag nagutom na ito, tiyak na magiging pagkain nito ang mga tupa, at walang sinumang makapagbabago sa katunayang ito. Tinutukoy ito ng kalikasan nito. Para lutasin ang problema ng lobo na kumakain ng mga tupa, dapat magmadali kang tukuyin ang lobo. Kapag natukoy mo na kung sino ang lobo na nakadamit-tupa, dapat mong kaagad na alisin ito—huwag kang mag-atubili, at huwag itong pakitaan ng anumang awa. Ang ganitong uri ng mga tao na may mga komplikadong pinagmulan ay dapat tratuhin nang maingat. Kung matuklasan mo na gumagawa sila ng kasamaan at nanggugulo sa iglesia, hinding-hindi mo sila dapat pakitaan ng anumang paggalang. Dapat mong sabihin sa kanila: "Isa kang tao na maalam sa kalakaran ng mundo at hindi ka angkop sa pananampalataya sa Diyos. Pinili mo ang maling lugar sa pagpunta sa sambahayan ng

Diyos; hindi tama ang lugar na ito para sa iyo. Dapat mong hangarin ang sarili mong kinabukasan sa lipunan. Ang mga mananampalataya ng Diyos ay nagbabasa lang ng mga salita ng Diyos, nagbabahaginan ng katotohanan, at gumagawa ng tungkulin nila para mapalugod ang Diyos; hindi sila nakikisali sa mga sabwatan at pakana o lumalahok sa politika. Dito, hindi ka makaaangat ng ranggo o yayaman, o makapamumuhay ng isang buhay na superyor kaysa sa iba. Kahit gaano ka pa katagal manatili rito, magiging sayang na oras lang ito." Sa ganitong paraan, mahihikayat silang umalis, tama? (Oo.) Ang ilang tao na may mga komplikadong koneksiyong panlipunan ay hindi naman talaga masasamang tao, ni hindi sila nakagawa ng malaking kasamaan, pero hindi talaga nila tinatanggap ang katotohanan at tunay na nabibilang sila sa kategorya ng mga hindi mananampalataya. Ang pagsubok na tunay na mapanampalataya ang gayong mga tao sa Diyos at mapaghangad ng katotohanan ay parang pagsubok na gawing tupa ang isang lobo—imposible ito. Gaano pa man katagal magsuot ng damit ng tupa ang isang lobo, mananatili itong lobo; hindi ito kailanman magiging isang tupa. Ganoon lang talaga ang mga bagay-bagay. Kaya, ang pananampalataya ng ganitong mga tao sa Diyos ay isang biro lang; maling landas ang tinatahak nila sa pagsampalataya sa Diyos!

May isa pang uri ng tao na may komplikadong pinagmulan. Bagaman nananampalataya sila sa Diyos, may malalapit silang relasyon sa ilan sa mga relihiyosong lider, mga opisyal, o mga taong may katayuan mula sa iba't ibang denominasyon. Mahilig silang makisalamuha sa mga taong ito at madalas silang dumadalo sa mga aktibidad na panrelihiyon ng iba't ibang denominasyon; bumubuo sila ng mga koneksiyon at pakikipagkaibigan sa mga taong ito, at ginagamit nila ang isa't isa at gumagawa ng mga bagay-bagay para sa isa't isa. Paminsan-minsan, sinasadya man o hindi sinasadya, nagsisiwalat pa nga sila sa mga indibidwal na ito ng partikular na gawain sa pangkalahatang usapin o gawain ng mga tauhan na panloob sa iglesia. Malaking problema ang isyung ito. Kung nakikisalamuha ka lang sa mga tao sa relihiyon o nahihirapang ihiwalay ang sarili mo sa mga relihiyosong lugar na iyon, at mahilig ka ring makibahagi sa iba't ibang aktibidad ng mga relihiyosong pagdiriwang at mga relihiyosong seremonya, katanggap-tanggap iyon. Gayumpaman, hindi mo dapat isiwalat ang gawain ng iglesia o impormasyon tungkol sa mga kapatid sa ganitong mga tagpo. Halimbawa, hindi mo dapat isiwalat ang mga usapin tulad ng pagtanggap ng isang partikular na tao sa "Kidlat ng Silangan," kung anong tungkulin ang ginagawa niya sa Ang Iglesia ng Makapangyarihang Diyos, saan siya nakatira, at kanino siya madalas na nakikisalamuha—kung isisiwalat mo ang mga bagay na ito, ipinakikita nito na ikaw ay napakaimoral. Kung may isang tao na mag-uulat ng impormasyong ito sa pamahalaan, hindi maipaliliwanag ang mga magiging kahihinatnan nito. Kung napakalapit ng loob mo sa mga tao sa relihiyon, o may mga kaugnay na interes sa kanila o nakipagpalitan ng pabor sa kanila, sa sukdulan, maituturing ito na pagkakaroon mo ng komplikadong pinagmulan. Gayumpaman, kung palihim kang gumagawa ng ibang bagay, tulad ng pagsisiwalat ng mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos, o pagsisiwalat ng mga panloob na usapin ng

sambahayan ng Diyos o ang personal na impormasyon ng mga kapatid, ang kalikasan nito ay nagiging isang kalikasan ng pagkakanulo, at ito ay kinokondena. Sa partikular, may ilang kapatid na ayaw malaman ng iba ang sitwasyon nila o maisiwalat ito, dahil naaresto na sila dati o kasalukuyang nasa listahan ng pinaghahanap, pero tinitingnan ng ganitong uri ng tao na may komplikadong pinagmulan ang impormasyong ito bilang isang bagay na ipagpapalit para sa ilang kapakinabangan o tinitingnan lang ito bilang hindi mahalaga, at isinisiwalat niya ito, na nagdudulot ng problema para sa mga kapatid na iyon. Kung matutuklasan ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga usapin, hinding-hindi talaga nito palalampasin ang taong iyon; dapat kaagad alisin ang gayong mga tao. Sa kontekstong panlipunan kung saan ang mga tao ay inuusig dahil sa pananampalataya sa Diyos, mahirap para sa mga mananampalataya na makuha maging ang pagkakataon para gawin ang isang tungkulin, at talagang pinahahalagahan ito ng bawat tao. Walang sinumang may gusto na magkaroon ng mga potensyal na panganib sa pagganap nila ng tungkulin nila dahil sa iba o dahil sa sarili nilang kamangmangan. Kaya, kung may sinumang magdadala ng mga potensyal na panganib sa pagganap ng mga kapatid sa mga tungkulin nila o sa pansariling seguridad nila, o kung may sinumang maglalagay ng mga hadlang sa landas ng iba sa pananampalataya sa Diyos, hindi sila palalampasin basta-basta ng sambahayan ng Diyos. Kapag natuklasan sila ng sambahayan ng Diyos, kaagad silang paaalisin o patatalsikin nito, hinding-hindi ito magpipigil! Kung ipagtatanggol nila ang sarili nila, lumilikha ng mga katwiran at palusot sa pagsasabing, “Panandaliang pagkadulas lang ito ng dila dahil hindi ako nag-iingat,” hinding-hindi mo dapat paniwalaan ito—walang katuturan ang ganitong mga palusot. Bakit hindi nila sinabi sa mga tao ang tungkol sa sarili nilang mga usapin sa pamilya? Bakit sa halip ay tinatalakay nila ang tungkol sa mga usapin ng mga kapatid? Malinaw na nagkikimkim sila ng masasamang intensyon. Isinisiwalat nila ang gawain ng iglesia at impormasyon tungkol sa mga kapatid; kung magdudulot ito ng problema sa mga kapatid, dapat silang isumpa! Hindi ba’t dapat sumpain ang ganitong mga tao? (Oo.) Sa panahon ng pagpapalaganap ng iglesia ng gawain ng ebanghelyo, hindi maiiwasang may ilang ganitong tao na sasali sa iglesia. Wala silang pag-aalinlangan sa pagtataksil sa iglesia, pagtataksil sa mga kapatid, at maging sa pagkakanulo sa mga interes ng sambahayan ng Diyos. Nakikisalamuha sila sa iba’t ibang uri ng tao sa pribado, at ang pakay nila sa pakikisalamuha sa mga ito ay hindi dalisay. Kapag nakikipag-ugnayan sa mga taong iyon, napakarami pa nga nilang sinasabi, sinasabi sa mga iyon ang lahat ng nalalaman nilang panloob na impormasyon tungkol sa iglesia, walang inililihim na kahit ano, at sa huli ay nagdudulot ito ng problema sa mga kapatid at sa iglesia. Dapat sisihin dito ang mga taong napakaraming sinasabi. Maaaring sabihin ng ilan sa kanila na hindi nila ito sinasadyang gawin, pero kahit hindi ito sinasadya, hindi niyon ito ginagawang katanggap-tanggap. Kung hindi ito sadya, bakit hindi na lang sarili mo ang pininsala mo? Bakit iba lang ang sinaktan mo? Nagdulot ka ng problema sa iglesia at sa mga kapatid, ito ay isang tinatanggap na katunayan. Kaya, nasa iyo dapat ang sisi. Kung may pinatay kang

isang tao at pagkatapos ay sinabi mo, “Hindi ko ito sinasadyang gawin; hindi ko kailanman intensyon na patayin siya—wala akong gayong kaisipan,” idedeklara ka bang inosente ng batas dahil sa pahayag na iyon? (Hindi.) Kahit pa nagsasabi ka ng totoo, magiging walang silbi ito. Ang katunayan ay pumatay ka ng isang tao, at legal na may matibay na ebidensya nito, kaya dapat kang ideklarang nagkasala batay sa mga katunayan. Nagkasala ka ng krimen ng pagpatay, kaya isa kang mamamatay-tao, at walang dami ng pagbibigay-katwiran sa sarili ang makatutulong sa iyo. May ilang tao na madalas magdulot ng kaguluhan sa iglesia sa pamamagitan ng mga pagkilos nila, at minsan malaki ang kaguluhang ito, hindi lang nagreresulta sa pagkakaaresto at pagkakakulong ng mga kapatid, kundi seryoso ring nakaaapekto sa gawain ng iglesia. Tiyak na hindi palalampasin ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao; patatalsikin nito ang bawat isa na mahuhuli nito, at susumpain nito ang mga ito—hinding-hindi talaga magpipigil ang sambahayan ng Diyos! Kung nangyari ang mga bagay na ito sa Kapanahunan ng Kautusan, kinaladkad at binugbog na ang mga taong gumagawa ng masama hanggang kamatayan gamit ang mga pamalo o pinagbabato hanggang kamatayan; ganoon kinailangang pangasiwaan ang gayong mga kaso. Ngayon, dahil hindi ito bahagi ng mga atas administratibo ng sambahayan ng Diyos, patatalsikin sila, at magkakasama silang susumpain ng mga kapatid. Wala silang pagkakataon na tumanggap ng mga pagpapala o kaligtasan—dapat silang ipadala sa impiyerno at parusahan!

May isa pang uri ng tao na may komplikadong pinagmulan; pumupunta siya sa iglesia na may mga espesyal na misyong isasakatuparan. May ilang ganitong uri ng tao ang ipinadadala ng mga pamahalaan, habang ang iba naman ay binibigyan ng mga misyon ng mga partikular na grupong relihiyoso o panlipunan. Halimbawa, ang mga misyong ito ay maaaring kapalooban ng pagmamatyag sa mga kapatid, pagmamatyag sa iglesia, o ang pagsisiyasat sa iba’t ibang aytem ng gawain ng iglesia at ang mga pagsasaayos ng gawain nito mula sa iba’t ibang panahon. Anuman ang misyon nila, sa anumang kaso, mula sa ating perspektiba ang ganitong uri ng tao ay may komplikadong pinagmulan. Ang karamihan ng mga taong ito na may mga komplikadong pinagmulan ay mga hindi mananampalataya; sila iyong mga hindi talaga tumatanggap sa katotohanan. Naiiba sila sa mga may maliit na pananalig, mahinang kakayahan, o maraming kuru-kuro—ang mga taong iyon ay tunay na nananampalataya, samantalang may isang seryosong problema ang mga taong ito na may mga komplikadong pinagmulan. Una, isaalang-alang natin: Anong uri ng pagkatao mayroon ang gayong mga tao? (Mayroon silang masamang pagkatao, buktot sila, at mga miyembro sila ng lupon ni Satanas.) Kaya, anong uri ng mga tao sila? (Mga diyablo sila.) Tama iyan, tumpak ang pagkakasabi mo—mga diyablo sila na pinasok ang iglesia. Mga tao sila na pinasok ang iglesia at namumuhay nang hindi napapansin habang nagkikimkim ng iba’t ibang pakana at pakay. Mga diyablo ang gayong mga tao. Mula sa simula kapag pumapasok ang mga taong ito sa iglesia, hindi sila nagkikimkim ng mabubuting intensyon. Sinuman ang nag-atas sa kanila—ang iba ay maaaring inatasan ng mga pamahalaan o mga partikular na grupo,

samantalang ang iba ay maaaring hindi talaga inatasan ng sinuman at gusto lang na pumasok sa iglesia sa sarili nilang pagpapasya—ang gayong mga tao ay pawang mga indibidwal na maalam sa kalakaran ng mundo. Nakikisalamuha sila sa maraming uri ng mga tao, at mayroon silang mga komplikadong relasyon sa ibang tao at koneksiyong panlipunan—mayroon silang mga komplikadong pinagmulan. Ang “mga komplikadong pinagmulan” ay nangangahulugan na ang kanilang mga panlipunang koneksiyon, relasyon sa ibang tao, at mga kapaligirang pinamumuhayan ay partikular na hindi dalisay at malayo sa pagiging simple; hindi sila katulad ng mga ordinaryong tao na nagsisikap lang na kumita ng pera at mamuhay nang maayos. Ang mga papel na ginagampanan ng mga taong ito sa lipunan ay sa mga namumukod-tangi, mga lider, o mga medyo pambihirang indibidwal sa loob ng iba’t ibang pangkat at grupo—sila ang mga uri ng mga tao na tinutukoy ng mga walang pananampalataya na “mahuhusay na indibidwal” o mga “guru.” Nasaan man sila, hindi sila mga tao na marunong lumugar, at hindi sila mga disenteng tao. Naghahanap man sila ng mga pagkakataon para magkamit ng personal na pakinabang, o kapangyarihan, o kontrol sa iba sa loob ng iba’t ibang grupo at pangkat, ito ang pakay nila, at ito ang layon ng kanilang pag-iral. Saanmang iglesia sila naroroon, ang pag-iisip nila ay tulad ng sa isang diyablo, palaging nangangating gumawa ng hakbang, gustong kontrolin ang mga sitwasyon, kontrolin ang mga tao, kontrolin ang pera, gumamit ng impluwensiya, at gumamit ng kapangyarihan. Ang mga ito ang mga pagpapamalas ng ganitong uri ng tao. Kaya, may misyon man ang gayong mga tao, o inatasan man sila ng pamahalaan o ng anumang panlipunang grupo, hindi posibleng makapanatili sila sa nararapat nilang lugar pagkarating nila sa iglesia. Kahit na wala silang misyon, at kahit na ang iglesia o ang mga kapatid ay hindi mga puntirya ng pananamantala nila, hindi sila mga tao na tunay na gustong manampalataya sa Diyos, at tiyak na hindi sila mga tao na naniniwala sa pag-iral ng Diyos. Ang pakay nila sa pagsali sa iglesia ay hindi talaga dalisay—kahit papaano, isang bagay ang lubhang makatotohanan para sa kanila, ang “pakikisakay sa tagumpay ng iglesia” at paghihintay ng pagkakataon para maisakatuparan ang sarili nilang mga adyenda. Kung mabigo silang makamit ang mga layon nila at mabigo ang mga pagnanais nila, malamang sa iiwan nila ang iglesia anumang oras. Naghahanap sila ng mga pagkakataon sa pamamagitan ng paghihintay sa tamang sandali para kumilos—kung may isang tao na masasamantala nila o isang angkop na sandali na magpapahintulot sa kanilang maisakatuparan ang mga layon, ambisyon, o adhikain nila, hinding-hindi nila hahayaang mapalampas ang tao o sandaling iyon. Kung patuloy silang mabibigo na makahanap ng isang pagkakataon, panghihinaan sila ng loob at madidismaya sila, at gugustuhin nilang iwan ang iglesia. Samakatwid, ang ganitong uri ng tao ay isa ring uri ng mapanganib na indibidwal sa loob ng iglesia, at dapat siyang makilatis at layuan. Ang isa pang mas mahalagang prinsipyo ay na kung hindi ka sigurado tungkol sa kung ano ang pinagmulan ng isang tao, o kung may malabo kang pakiramdam na napakakomplikado ng pinagmulan nila, bilang isang lider o manggagawa, dapat mong malaman kahit papaano na ang taong ito ay hindi

maaaring maitalaga sa mahahalagang posisyon, o mapahintulutang magkaroon ng katayuan o kapangyarihan, o mapahintulutang gumanap ng anumang mahalagang gawain sa loob ng iglesia. Kung hindi mo sila makilatis, maaari mo silang obserbahan, pero hinding-hindi ka dapat kumilos nang padalos-dalos o wala sa panahon. Kung bibigyan mo sila ng katayuan o gagawin pa nga silang responsable para sa isang mahalagang bahagi ng gawain bago mo sila nakilatis, nagiging sobrang hangal ka! Habang mas hindi mo sila makilatis, mas hindi mo sila dapat pagkatiwalaan ng mahalagang gawain, mas maingat ka dapat, at mas dapat mo silang matyagan at mahigpit silang bantayan. Sa katunayan, may misyon man sila o wala, ang ganitong uri ng mga tao na may mga komplikadong pinagmulan ay hindi nagtatagal sa iglesia sa huli. Ito ay dahil, sa puso nila, nasusuklam ang mga hindi mananampalatayang ito sa mga usapin ng pananalig. Hindi naniniwala ang mga ateista na umiiral ang Diyos, at hindi sila interesado sa anumang bagay na may kinalaman sa Diyos, sa gawain ng Diyos, o sa pagpapahayag ng Diyos ng katotohanan. Palagi silang nag-iimbestiga: “May kita bang makukuha sa pananampalataya sa diyos? Maaari ba akong kumita ng malaking pera at yumaman mula rito? Magagamit ko ba rito ang mga pakana at panlilinlang ko gaya ng ginagawa ko sa mundo?” Dahil nakikita nilang hindi isinusulong ng sambahayan ng Diyos ang mga bagay na ito, kundi sa halip ay palaging nagsasalita tungkol sa pagiging isang matapat na tao, at na ang sinuman na pabasta-basta o walang sigla sa paggawa ng tungkulin niya ay madalas na pinupungusan, nasusuklam sila, at pakiramdam nila ay hindi sila masaya at wala silang kalayaan sa sambahayan ng Diyos, at gusto nila palaging maghanap ng pagkakataon para umalis. Kung ang isang tao ay tunay na isa sa mga tupa ng Diyos, isa sa mga hinirang ng Diyos, hindi siya magsasawang makinig sa mga katotohanan na madalas na tinatalakay sa panahon ng pananampalataya sa Diyos kahit talakayin pa ito sa loob ng 20 o 30 taon; kaya niyang makinig sa mga ito sa buong buhay niya at mananatili pa ring sariwa sa kanya ang mga ito. Habang mas nakikinig siya, mas nagiging malinaw ang mga katotohanang ito sa kanya; habang mas nakikinig siya, mas napagyayaman ang puso niya; habang mas nakikinig siya, mas nananabik siya sa katotohanan. Kahit pa makinig siya sa mga salitang ito araw-araw, handa siyang gawin ito. Sa partikular, kapag naririnig niya ang mga patotoong batay sa karanasan na nakatutulong sa kanya, nakararamdam siya ng kaligayahan at kaluguran na para bang nasiyahan siya sa isang malaking piging—mas masaya pa kaysa kung nakapulot siya ng isang piraso ng ginto. Para naman sa mga hindi mananampalatayang ito, sa mga diyablong ito—lalo na ang mga taong ito na may mga komplikadong pinagmulan—habang mas nakaririnig sila ng pagbabahaginan tungkol sa katotohanan, mas naiinis sila; habang mas nakikinig sila, mas nababalisa at nasusuklam sila sa loob. Kapag naririnig nila ang mga salitang ito, para sa kanila ay nakababagot, malamlam, at nakapapagod ang mga ito. Kung sasabihin mo sa kanilang umupo at makinig sila ng mga sermon, pakiramdam nila ay pinahihirapan sila. Sinasabi nilang, “Paanong masyado kayong nasisiyahan lahat na marinig ang mga salitang ito, na para bang kumain kayo sa isang malaking piging? Bakit labis akong

nasusuklam kapag naririnig ko ang mga ito?" Pagkatapos makinig nang mahabang panahon, hindi na sila mapirmi ng upo. Kung hindi sila magiging isang lider, ayaw nilang gawin ang tungkulin nila o magtiis ng paghihirap, at sa paglipas ng panahon, walang silbi na ang lahat ng ito para sa kanila; nagsisimulang lumitaw ang mga kaisipan ng pagsuko sa kanilang pananalig. Ganito nabubunyag ang mga hindi mananampalataya. Para naman sa mga taong ito na may mga komplikadong pinagmulan, kung sa pagmamasid mo sa kanila ay natuklasan mo na mayroon silang kaduda-dudang pinanggalingan at mga komplikadong pinagmulan, subukan mo ang lahat ng posibleng paraan para maghanap ng pagkakataon para hikayatin silang umalis. Para sa gayong mga tao na hindi talaga tumatanggap sa katotohanan, mahalagang gumamit ng kaunting karunungan. Maaari mong sabihin sa kanila, "Gusto mong yumaman, at nangangarap kang maging isang opisyal—talagang magiging kawalan sa iyo kung ipagpapatuloy mo ang buong buhay mo na hindi nagiging isang opisyal! Dapat kang maging isang opisyal, yumaman, at hangarin ang mundo—naroroon ang mga kongkretong kapakinabangan. May talino ka para sa pagnenegosyo at angkop ka na maging isang opisyal—kung hahangarin mo ang mundo, tiyak na yayaman ka at magiging isang opisyal." Kapag narinig nila ito, iisipin nila na nakahanap sila ng isang kasangga at sasabihing, "Tama ka talaga! Nararamdaman kong wala na talagang punto sa pananampalataya sa diyos—talagang nangungusap sa akin ang sinabi mo. May sikolohikal na epekto lang talaga ang pananalig; hindi talaga mahalaga kung mayroon ka nito o wala. Maigsi ang buhay—lumilipas ang ilang dekada sa isang kisapmata lang. Ang palaging pagsasayang ng oras ko rito kasama ang mga taong nananampalataya sa diyos ay wala namang naibigay sa aking anuman, at palagi akong hindi nasisiyahan. Hindi ba't nagkakasala lang ako sa sarili ko sa paggawa nito? Ang paglabas para kumita ng malaking pera ang talagang mahalaga!" Sasang-ayon sila sa sinabi mo. Kapag sumang-ayon sila, marahil isang araw ay kusa na lang silang aalis dahil mararamdaman nilang walang kabuluhan ang manatili sa iglesia, at dahil, bukod pa rito, may mga bagay na nagiging mali para sa kanila, o nakararanas sila ng ilang kabiguan at dagok, at kaunting pagpupungos. Hindi ba't mahusay iyon? (Oo. Isa itong matalinong pamamaraan.) Madaling paalisin ang mga diyablo sa iglesia: Kapag natukoy mo na ang pag-iisip nila, kung may isang bagay na gusto nila, hikayatin mo silang hangarin ito. Sa ganitong paraan, mahihikayat mo silang umalis. Sumabay ka sa agos para gabayan silang umalis. Ganito ang pangangasiwa sa ganitong uri ng hindi mananampalataya.

Kung ang gayong mga tao na may mga komplikadong pinagmulan ay matagpuan sa iglesia, dapat silang hikayating umalis o paalisin kaagad; huwag mong subuking hikayatin silang manatili. Bakit hindi? Sa isang banda, wala silang magandang papel na ginagampanan sa iglesia; sa kabilang banda, hinding-hindi sila kabilang sa hinirang na mga tao ng Diyos. Bukod pa rito, kahit manatili pa sila sa iglesia, sa huli, magiging imposible pa rin para sa kanila na tanggapin ang mga salita ng Diyos, ang gawain ng Diyos, o ang pagkastigo at paghatol ng Diyos para makamit ang kaligtasan. Kung mananatili sila sa iglesia, makasasama ito sa gawain ng iglesia, at maaari nilang ilihis at

impluwensiyahan ang ilang kapatid na may maliit na tayog. Hindi sila kalugod-lugod para sa mga tao sa sambahayan ng Diyos, at sila rin, ay hindi nalulugod sa mga kapatid sa sambahayan ng Diyos. Sa puso nila, palagi nilang tinitingnan ang sambahayan ng Diyos, ang iglesia, at ang mga kapatid nang may pagkamapanlaban. Kaya, sabihin ninyo sa Akin, kung may gayong kaaway, gayong kalaban, sa iglesia, mababagabag ba kayo? (Oo.) Samakatwid, pinakamainam na huwag hikayatin ang gayong mga tao na manatili. Kapag natuklasan sila, kaagad silang hikayating umalis, paalisin sila, o patalsikin sila. Paano dapat pangasiwaan ang gayong mga tao kung makatagpo mo sila sa proseso ng pangangaral ng ebanghelyo? (Iwasan lang sila at huwag silang pansinin.) Kapag nakatagpo mo ang ganitong uri ng tao, hindi mo dapat ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. Nagsasalita sila sa gayong magarbo at walang batayang paraan at may kadaldalan sila, pero wala talaga silang talento. Hindi kailangan ng sambahayan ng Diyos ang ganitong uri ng mga tao na may mga komplikadong pinagmulan; hindi sila kabilang sa mga hinirang ng Diyos. Kahit magbalik-loob pa sila ngayon, sa malao't madali, kailangan pa rin silang alisin. Samakatwid, kapag nakatagpo niyong mga nangangaral ng ebanghelyo ang gayong mga tao, dapat na lang nilang sukuan ang mga ito. Hindi gusto o tinatanggap ng sambahayan ng Diyos ang gayong mga tao. Ito ang paraan para pangasiwaan ang mga tao na may mga komplikadong pinagmulan, at ito ang prinsipyo. Siyempre, sa pangangasiwa sa isyung ito, hindi kailangang palakihin ang mga bagay-bagay; kailangang malinaw ninyong maunawaan kung ang isang tao ay kabilang sa kategorya ng mga tao na may komplikadong pinagmulan. Kung ang mga pagpapamalas niya ay tumutugma sa ganitong uri ng tao, dapat siyang isama sa hanay ng grupong ito. Pero, kung ang isang tao ay paminsan-minsan lang na nagyayabang o nagsasalita ng walang kabuluhan at dahil sa labis niyang pagmamayabang ay napagkakamalan siyang may isang komplikadong pinagmulan, pero sa katunayan, tunay ang pananampalataya niya sa Diyos at hindi siya kabilang sa kategoryang ito, kinakailangan ng sitwasyong ito ng ibang pagtrato para maiwasang maling maakusahan ang isang mabuting tao.

III. Batay sa Saloobing Mayroon ang Isang Tao Habang Ginagampanan ang Kanyang Tungkulin

Halos tapos na tayong magbahaginan tungkol sa pamantayan ng pagkilatis sa mga tao batay sa pagkatao nila. May isa pang pamantayan—ang pagkilatis sa mga tao batay sa saloobing mayroon sila habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin. Medyo marami na tayong napag-usapan tungkol sa pamantayang ito sa mga naunang sermon, kaya hindi na kinakailangang magsabi pa ng anuman tungkol dito.

Sige. Diyan nagtatapos ang pagbabahaginan natin ngayon. Paalam!

Hulyo 6, 2024

Ang mga Responsabilidad ng mga Lider at Manggagawa (29)

Ikalabinlimang Aytem: Protektahan ang Iba't Ibang Mahalagang Tauhan sa Gawain, Pinangangalagaan Sila Mula sa mga Pang-aabala ng Mundong Nasa Labas, at Panatilihin Silang Ligtas Upang Matiyak na Makauusad Nang May Kaayusan ang Iba't Ibang Mahalagang Aytem ng Gawain

Saan tayo natigil noong nakaraan sa ating pagbabahaginan tungkol sa mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa? (Noong nakaraan, pangunahin nating pinagbahaginan ang tungkol sa huling tatlong pagpapamalas sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa tungkol sa pagkilatis sa iba't ibang uri ng mga tao batay sa pagkatao nila. Ang tatlong pagpapamalas na ito ay: pagiging duwag at mapaghinala, pagiging mahilig maghanap ng gulo, at pagkakaroon ng isang komplikadong pinagmulan.) Natapos na nating pagbahaginan ang tungkol sa huling tatlong paksa sa ikalabing-apat na responsabilidad ng mga lider at manggagawa noong nakaraan, kaya ngayon ay pagbabahaginan natin ang tungkol sa ikalabinlimang responsabilidad. Ano ang ikalabinlimang responsabilidad? ("Ikalabinlimang aytem: Protektahan ang iba't ibang mahalagang tauhan sa gawain, pinangangalagaan sila mula sa mga pang-aabala ng mundong nasa labas, at panatilihin silang ligtas upang matiyak na makauusad nang may kaayusan ang iba't ibang mahalagang aytem ng gawain.") "Protektahan ang iba't ibang mahalagang tauhan sa gawain, pinangangalagaan sila mula sa mga pang-aabala ng mundong nasa labas, at panatilihin silang ligtas." Ang responsabilidad na ito ay may kinalaman sa isa pang aspekto ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa; ito rin ay isang partikular na aytem ng gawain na kailangang maisagawa nang maayos ng mga lider at manggagawa. Ano ang tinutukoy ng aytem ng gawain na ito? (Tinutukoy nito ang pagpapanatiling ligtas sa hinirang na mga tao ng Diyos.) May kinalaman ito sa mga isyu ng personal na seguridad. Hindi ba't madalas na nakakaharap ang paksang ito sa gawain ng iglesia? Hindi ba kayo pamilyar sa paksang ito? (Pamilyar kami.) Hindi na bago ang paksang ito sa mga kapatid sa Tsina, dahil sa kalagayang panlipunan sa Tsina, inuusig at inaaresto ang mga mananampalataya, at kinakailangan nila ng mga garantiya sa pagiging ligtas sa paggawa ng tungkulin nila at sa lahat ng aspekto ng buhay. Kaya, ang gawaing ito ay nasasaklawan ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa; hindi ito isang bagay na opsyonal. Ang isang bansa man ay may kalayaang panrelihiyon, ang maayos na pagsasaayos sa pamumuhay ng mga tauhan na gumagawa ng iba't ibang mahalagang tungkulin ay isang partikular na aytem ng gawain na dapat isagawa ng mga lider at manggagawa. Maaaring magkaiba ang pokus o mga partikular na kinakailangan ng gawaing ito, pero sa esensya ay may kinalaman ang lahat ng ito sa kung kayang gawin ng mga kapatid ang mga tungkulin nila nang ligtas at may seguridad, at kung matitiyak ba ang mga resulta ng

mga tungkulin nila. Kaya, huwag balewalain ang gawaing ito o ituring itong walang kinalaman sa iyo dahil nakatira ka sa isang demokratikong bansa. Anuman ang sistema ng pamahalaan sa bansang iyong pinaninirahan o kung inuusig man ang mga mananampalataya roon, ang gawaing ito ay nasasaklawan ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa; ito ay isang gawain na dapat isagawa ng mga lider at manggagawa—walang sinuman ang hindi kasama rito, at hindi ito dapat ituring na "karagdagang" gawain. Kung gayon, pagbahaginan natin ngayon ang tungkol sa iba't ibang isyung nakapaloob sa paksang ito.

Ang Saklaw ng Mahahalagang Tauhan sa Gawain

Una, tingnan natin kung ano ang ibig sabihin ng "lahat ng uri ng mahahalagang tauhan sa gawain" na binanggit sa ikalabinlimang responsabilidad. Hindi ba't isa itong paksa na dapat nating pagbahaginan? (Oo.) Kung gayon, ano ang tinutukoy ng "lahat ng uri ng mahahalagang tauhan sa gawain"? Itakda muna natin ang saklaw ng mga target ng gawaing ito. Sino ang makapagsasalita tungkol dito? (Ang lahat ng uri ng mahahalagang tauhan sa gawain ay kinabibilangan ng mga kapatid sa mga pangkat ng mga gumagawa ng video, pangkat ng mga gumagawa ng pelikula, pangkat ng mga tagasuri ng teksto, pangkat ng mga gumagawa ng himno, at iyong gumagawa ng iba pang mahahalagang tungkulin. Bukod pa rito, kinabibilangan ito ng ilang kapatid na gumaganap ng mahahalagang papel sa iba't ibang mahalagang aytem ng gawain, gayundin ng mga superbisor ng bawat pangkat.) Sino pa ang gustong magdagdag dito? (Kasama rin dito ang mga lider at manggagawa.) Talagang dapat na maprotektahan nang mabuti ang mga lider at manggagawa. Sino pa? (Mayroon ding mahahalagang tauhan na nangangasiwa sa mga pangkalahatang usapin, tulad ng mga tauhan sa pananalapi.) (At ang mga kapatid, dahil sa nananampalataya sila sa Diyos at gumagawa ng mga tungkulin, na pinaghahanap o na may rekord sa pulisya, ay nangangailangan din ng proteksiyon.) Ito ay iba pang kategorya, at ito ay isang espesyal na grupo. Ibuod natin kung gaano karaming kategorya ang mayroon. Ang unang kategorya ay kinabibilangan ng mga lider at manggagawa. Ang pangalawang kategorya ay binubuo ng mga tauhan na kailangang-kailangan sa iba't ibang aytem ng gawain sa sambahayan ng Diyos, lalo ang mga lider ng pangkat at mga superbisor ng iba't ibang aytem ng gawain at mga tauhan na may mahusay na kakayahan, espirituwal na pang-unawa, at abilidad na arukin ang mga prinsipyo at mag-isang pasanin ang mahalagang gawain. May maraming uri ng tauhan na nangangasiwa sa iba't ibang aytem ng gawain, tulad niyong mga nasa gawaing nakabatay sa teksto, gawain ng paggawa ng himno, gawain ng paggawa ng pelikula, at iba pa, gayundin iyong mga nangangaral ng ebanghelyo, nagpapatotoo, o nagsisilbi bilang mga direktor ng ebanghelyo, at iba pa. Bukod pa rito, kinabibilangan ito ng mga tauhang nangangasiwa sa gawain sa pananalapi, pag-iingat, at mga panlabas na usapin. Ang mga indibidwal na ito ay gumaganap bilang mga tagasuporta sa gawain ng iglesia at kailangang-kailangan sila; kabilang silang lahat sa mga tauhang nangangasiwa sa iba't ibang aytem

ng gawain. Ito ang pangalawang pangunahing kategorya. Ang pangatlong pangunahing kategorya ay kinabibilangan niyong mga nagsasagawa ng mapanganib na gawain ng iglesia. Sa partikular, sa mga bansang may awtoritaryang rehimen kung saan walang kalayaang panrelihiyon, may ilang labis na mapanganib na mga aytem ng gawain, tulad ng pag-iimprenta ng mga aklat, paglilipat ng mga aklat, pag-iingat ng mga ari-arian ng iglesia, gayundin ang pagpapatuloy at pagsasaayos ng tutuluyan para sa mga tauhang gumagawa ng mahahalagang tungkulin. Sino pa ang kabilang? (Mayroon ding ilang tauhan sa pangkalahatang usapin na naghahatid ng impormasyon sa labas; ang mga tungkuling ginagawa nila ay medyo mapanganib din.) Ang mga indibidwal na ito ay itinuturing ding nagsasagawa ng mapanganib na gawain. Gayumpaman, ang mga taong ito ay tiyak na hindi gumagawa ng gawaing ito nang paminsan-minsan; sa halip, dalubhasa sila sa pagsasagawa ng mahahalaga at mapapanganib na gampanin, tulad ng paghahatid ng impormasyon, pamamahagi ng mga pagsasaayos ng gawain, pamamahagi ng lahat ng video, pelikula, o recording ng sermon ng sambahayan ng Diyos, at iba pa. Sa mga awtoritaryang bansa na walang kalayaang panrelihiyon, dapat maging malinaw sa mga lider at manggagawa kung sino-sino sa hinirang na mga tao ng Diyos ang gumagawa ng mahahalagang tungkulin at nagsasakatuparan ng mapanganib na gawain. Sa madaling salita, isang kategorya rin ang mga indibidwal na ito ng mahahalagang tauhan sa gawain, at dapat magbigay ng espesyal na pagsasaalang-alang ang mga lider at manggagawa sa pagiging ligtas ng mga ito; hindi ito maaaring balewalain. Ito ang pangatlong kategorya. Ang pang-apat na kategorya ay isa pang kailangang-kailangang grupo sa gawain ng iglesia. Ang mga indibidwal na ito ay nagtataglay ng mga natatanging kakayahan at kaloob, tulad ng pagiging bihasa sa pangangaral ng ebanghelyo, pagbibigay ng mga sermon, pagdidilig sa iglesia, o pag-aako ng responsabilidad para sa pag-oorganisa ng mga partikular na aytem ng gawain. Ang mga indibidwal na ito ay maaaring mga lider at manggagawa, superbisor para sa iba't ibang aytem ng gawain, o mga taong nagsasagawa ng mapanganib na gawain. Kung wala ang gayong mga tao, magkakaroon ng puwang sa mahalagang gawain na pinangangasiwaan nila, at walang iba pa na makagaganap sa kanilang papel. Samakatwid, ang mga indibidwal na ito ay dapat protektahan, at ang pagiging ligtas nila ay dapat matiyak. Ito ay isang kategorya ng mga tao. Ang isa pang kategorya, sa mga bansang inuusig ang mga relihiyon, ay iyong mga pinaghahanap o may rekord sa pulisya dahil sa pananalig nila sa Diyos. Anuman ang saklaw ng warrant o ng partikular na gawaing isinasakatuparan nila sa loob ng iglesia, hangga't pinaghahanap sila dahil sa pananampalataya nila sa Diyos at sa paggawa ng tungkulin nila, dapat humanap ang mga lider at manggagawa ng mga paraan para maprotektahan sila, isinasaayos na mailagay sila sa medyo ligtas na mga lokasyon para gawin ang tungkulin nila. Sa lahat ng bansang umuusig sa relihiyosong pananalig, ang pag-uusig ng Tsina ang pinakamalala. Sa iba't ibang probinsya at rehiyon sa Tsina, maraming tao ang inaresto o pinaghahanap, at hindi makauwi. Mayroong ilang katulad na bansa sa mundo at sa bawat kontinente na umuusig sa relihiyosong pananalig tulad

ng Tsina, at sa mga bansang ito, mayroon ding mga indibidwal na, dahil sa pagtanggap sa Makapangyarihang Diyos, nahaharap sa pag-uusig at hindi makauwi. Para sa mga inuusig at hindi makauwi, dapat isaayos ng mga lider at manggagawa na mailagay ang mga ito sa iglesiang may tungkuling full-time sa lalong madaling panahon. Dapat ilagak ang mga ito ng mga lider at manggagawa sa medyo ligtas na mga kapaligiran ayon sa mga lokal na kondisyon para magawa ng mga ito ang mga tungkulin nila. Isa itong priyoridad na aytem ng gawain na kailangang maisagawa nang maayos. Ang mga indibidwal na ito na inaresto o pinaghahanap ay bumubuo sa ikalimang kategorya ng mga tauhan na nangangailangan ng proteksiyon. May isa pang kategorya ng mga tauhang nangangasiwa sa iba't ibang aytem ng mahalagang gawain na espesyal. Ang mga indibidwal na ito ay maaaring hindi kasalukuyang mga lider o manggagawa, ni hindi rin sila gumagawa ng mapanganib na gawain, pero dati na silang gumawa ng maraming tungkulin at malawak ang sinaklawan ng gawain nila. Kilala nila ang maraming pamilyang nagpapatuloy sa bahay at alam din nila ang tungkol sa ilang tauhan na gumagawa ng mahahalagang tungkulin. Samakatwid, kung maaaresto ang gayong mga indibidwal, magdudulot din ito ng sakuna sa gawain ng iglesia. Ang mga indibidwal na ito ay dapat tukuyin bilang "mga taong nakaaalam," at dapat din silang isama sa iba't ibang mahalagang tauhan sa gawain. Dapat tiyakin ng mga lider at manggagawa ang pagiging ligtas ng mga ito, para sa layunin na maprotektahan ang pagiging ligtas ng lahat ng hinirang na tao ng Diyos at matiyak na normal na makauusad ang gawain ng iglesia. May ilang indibidwal sa partikular na kategoryang ito ang walang ingat; hindi nila alam na dapat maging maingat, at wala silang masyadong karununga n. Madalas silang kumikilos batay sa sigasig, walang pakundangang gumagawa ng mga bagay-bagay sa labas. Dahil hindi pa sila naaresto o napahirapan kailanman, hindi nila alam ang kaakibat na panganib nito at ang mga potensyal na kahihinatnan kung sakaling magkaaberya, lalong hindi nila nauunawaan ang magiging kalubhaan ng mga kahihinatnang iyon. Dahil naniniwala sila na nananampalataya lang sila sa Diyos, hindi gumagawa ng anumang masama, wala silang kinatatakutang anuman. Dahil dito, pagkatapos gumawa sa lokal na lugar nang ilang panahon, maaari silang maging lubos na kilala at mapasailalim sa pagmamatyag ng pamahalaan. Hindi ba't nagdadala iyon ng panganib? Kapag naaresto sila, kung hindi nila kayang tiisin ang interogasyon sa pamamagitan ng pagpapahirap, maaari silang maging mga Hudas, ipinagkakanulo ang mga kapatid. Magdudulot ito ng malalaking kawalan sa iglesia at madadamay nito ang ibang mga kapatid, inilalagay ang mga ito sa panganib ng pagkakaaresto at pagkakakulong, na seryosong makaaapekto sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia. Samakatwid, dapat ding ipriyoridad ng iglesia ang proteksiyon ng gayong mga indibidwal. Kung walang ligtas na lokal na lugar para mapagtaguan ng mga ito, dapat ilipat ang mga ito sa ibang medyo mas ligtas na lugar para magampanan ang tungkulin ng mga ito. Ito ay isa pang kategorya ng mga tao. Dahil sa espesyal na kalidad ng sitwasyon nila, kailangang magsaayos ang mga lider at manggagawa ng tirahan para sa kanila, kaya kasama rin sila sa lahat ng uri ng mahalagang tauhan sa

gawain. Ilang kategorya ng mga tao mayroon sa kabuuan? (Anim na kategorya. Ang unang kategorya ay mga lider at manggagawa. Ang ikalawa ay binubuo ng mga kailangang-kailangang tauhan na nangangasiwa sa iba't ibang aytem ng gawain sa sambahayan ng Diyos; mga superbisor, mga lider ng pangkat, at mga direktor ng ebanghelyo; at iyong mga kayang pumasan ng gawain. Ang ikatlong kategorya ay ang mga tauhang gumagawa ng mapanganib na gawain sa iglesia. Ang ikaapat ay iyong may mga natatanging kasanayan at kaloob. Ang ikalimang kategorya ay binubuo ng mga taong may mga rekord sa pulisya, iyong mga tinutugis, at iyong mga pinaghahanap. At ang ikaanim na kategorya ay ang mga taong nakaaalam.) Halos natalakay na natin ang lahat ng mahalagang tauhan na sangkot sa iba't ibang aytem ng gawain, pero may isang kategorya pa na idaragdag: Kung may sinumang kapatid sa iglesia, dahil sa paglabas para gawin ang tungkulin nila, pagkakaaresto, o pagharap sa iba pang hindi inaasahang pangyayari, ang hindi makapag-alaga sa mga menor de edad na anak nila, dapat isaayos ng mga lider at manggagawa na malagay sa angkop na tirahan ang mga batang ito para may mag-aasikaso sa pangangailangan ng mga ito. Isa rin itong espesyal na aytem ng gawain. Bagaman ang aytem na ito ng gawain ay walang kinalaman sa gawain ng iglesia, at lumilitaw lang ito sa mga espesyal na sitwasyon, dapat akuin ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad para sa pagsasaayos ng angkop na tirahan para sa mga menor de edad na batang ito. Kung ang mga ito ay walang angkop na mga kamag-anak, o kung ang mga kamag-anak ng mga ito ay mga walang pananampalataya at ayaw kupkupin ang mga ito, dapat tanggapin ng iglesia ang mga ito. Hindi lang dapat isaayos ng iglesia ang isang angkop na tahanang matutuluyan para sa mga ito kundi dapat ding magtalaga ng mga kapatid para maging responsable sa pangangalaga sa mga ito. Kapag naisaayos na ang angkop na tirahan para sa mga ito, kung nananampalataya ang mga ito sa Diyos, tiyak na ideyal iyon, at kapag nasa hustong gulang na ang mga ito, magagawa ng mga ito ang tungkulin nila sa iglesia. Kung hindi naman nananampalataya ang mga ito sa Diyos, pagtuntong ng mga ito sa hustong gulang at pagsabak sa lipunan, hindi na magkakaroon ang mga ito ng kaugnayan sa iglesia, at ang responsabilidad natin ay matutupad na. Hindi na natin kailangang alalahanin ang mga usapin ng mga ito pagkatapos ng puntong iyon. Angkop ba ito? (Oo.) Bagaman walang kinalaman ang gawaing ito sa iba't ibang aytem ng gawain ng iglesia, dapat pa rin itong isama sa saklaw ng mga responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Kung may mga anak iyong mga gumagawa ng kanilang tungkulin sa iglesia na nangangailangan ng tirahan, maliban kung hindi alam ng mga lider at manggagawa ang sitwasyon, hindi nila ito maaaring balewalain. Kung alam nila ang tungkol dito, dapat silang magtanong, pangasiwaan ito, at akuin ang responsabilidad na ito na magsaayos ng mga angkop na tirahan para sa mga ito. Dapat tiyakin ng mga lider at manggagawa na ang mga kapatid na gumagawa ng kanilang tungkulin—lalo na iyong mga gumagawa ng mahalagang gawain—ay walang alalahanin pagdating sa usaping ito. Hindi naman mahirap ang maayos na pagsasakatuparan ng aytem ng gawaing ito, hindi ba? (Hindi, hindi ito

mahirap.) May hindi bababa sa anim na kategorya ng mahalagang tauhan sa gawain. Ang ikapitong kategorya ay karagdagan, kinakatawan nito ang isang napakanatatanging uri ng sitwasyon. Ang iba't ibang tauhan na binanggit sa unang anim na kategorya ay maaaring hindi lahat naroroon sa bawat pastoral na lugar o bansa. Gayumpaman, anuman ang bansa, ang pagpoprotekta sa mga lider at manggagawa at sa mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin ay isang napakahalagang aytem ng gawain. Ito ay isang aytem ng gawain na kailangang pagtuunan ng pansin ng lahat ng lider at manggagawa ng iglesia, at ito ay isang responsabilidad na dapat nilang maisakatuparan nang maayos.

Pangangalaga sa Mahahalagang Tauhan sa Gawain mula sa Pang-aabala ng Mundong Nasa Labas

I. Mga Kinakailangang Pangkaligtasan Para sa mga Pamilyang Nagpapatuloy sa Bahay

Ngayong nailinaw na natin kung sino ang mahahalagang tauhan sa gawain, tingnan naman natin ang partikular na gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa—protektahan ang iba't ibang mahalagang tauhan sa gawain, pinangangalagaan sila mula sa mga pang-aabala ng mundong nasa labas, at panatilihin silang ligtas. Kaya, anong partikular na gawain ang kailangang gawin para epektibong mapangalagaan sila mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas, para masabing naisakatuparan na ng mga lider at manggagawa ang kanilang mga responsabilidad? Pagdating sa pagsasagawa ng partikular na gawain, may ilang lider at manggagawa na naguguluhan, nagkakamot ng ulo nila, at nababalisa at nababahala, hindi sigurado kung paano kikilos. May isang mahalagang prinsipyo sa pagsasaayos ng tirahan para sa mahahalagang tauhan na ito sa gawain: Dapat silang mapangalagaan mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas para matiyak ang pagiging ligtas nila. Pinatira man ang mahahalagang tauhan sa gawain sa mga tahanan ng mga kapatid o sa mga inupahang bahay, ang mahalagang punto ay na dapat matiyak ang pagiging ligtas nila. Ang pagtitiyak sa pagiging ligtas nila ay nangangahulugang napangangalagaan sila mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas. Kaya, ano ang dapat gawin ng mga lider at manggagawa para mapangalagaan sila mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas? Kinakailangan nito ang pagsasaayos sa mga tirahan para sa mga gumaganap ng mahahalagang tungkulin sa angkop na mga lokasyon. Tingnan natin ito mula sa dalawang aspekto: Una ay ang panloob na kapaligiran ng pamilyang nagpapatuloy sa bahay, at ang isa pa ay ang panlabas na kapaligiran. Pagdating sa panloob na kapaligiran, una, ang nagpapatuloy sa bahay ay dapat na isang tunay na mananampalataya, handang magpatuloy sa bahay, kayang panatilihing pribado ang mga bagay-bagay, maingat kumilos, at marunong makitungo sa mundong nasa labas. Kung may nangyayaring anumang espesyal na sitwasyon, dapat alam nila kung paano tugunan ito; dapat magawa nilang pangasiwaan at harapin ito nang maagap sa halip na pasibo. Dagdag pa rito, dapat mayroon silang disenteng

reputasyon sa lugar nila, o marahil ng kaunting katanyagan at mga koneksiyon sa lugar nila. Kahit na wala siyang impluwensiya, kahit papaano ay dapat maging mga tao sila na nananatili sa nararapat nilang lugar at namumuhay nang disente at hindi kailanman naghahanap ng gulo o nagtatawag ng pansin ng mga kahina-hinalang indibidwal sa tahanan nila. Wala sila dapat mga kaibigang nagtitipon para maglaro ng mahjong o mag-inuman. Bukod pa rito, ang mga relasyon nila sa mundong nasa labas at sa mga kapitbahay nila ay dapat na medyo normal. Hindi sila dapat nasangkot sa anumang alitan ukol sa mga utang at nagkaroon ng pakikipaghidwaan sa mga kapitbahay nila. Sa madaling salita, dapat na medyo tahimik ang kapaligiran nila sa bahay, dapat ay hindi komplikado ang mga relasyon ng nagpapatuloy sa bahay, at napakakaunti lang ang mga tagalabas na pumupunta sa bahay nila para magdulot ng mga kaguluhan, at iba pa—dapat angkop ang lahat ng aspekto. Higit pa rito, ang mga anak o kamag-anak ng nagpapatuloy sa bahay ay dapat sumusuporta sa pananampalataya niya sa Diyos, o kahit papaano ay hindi sumasalungat sa pagpapatuloy niya sa mga kapatid, at tiyak na hindi walang pakundangan na nagsasalita ng tungkol sa mga bagay na ito kung saan-saan. Maaaring sinasabi ng ilan, “Hindi madaling makahanap ng pamilyang nagpapatuloy sa bahay na tumutugon sa lahat ng pamantayang ito!” Tumutukoy ito sa paghahanap ng isang medyo angkop na lugar; hindi kinakailangang ganap na perpekto ito. Kahit papaano, dapat angkop ang kapaligirang pinaninirahan—tahimik at walang pang-aabala mula sa labas—na tumutupad sa kinakailangan ng pangangalaga sa mahahalagang tauhan sa gawain mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas. Sa ilang pamilyang nagpapatuloy sa bahay, kahit na hindi lahat ng miyembro ng pamilya ay mananampalataya, ang taong nagpapatuloy ay may prestihiyo sa pamamahay at siyang gumagawa ng mga desisyon. Ang mga walang pananampalatayang anak o kamag-anak niya ay hindi nangangahas na mangialam sa pananampalataya niya sa Diyos o sa pagpapatuloy niya sa mga kapatid; kahit pa hindi sila sumasang-ayon sa loob nila, hindi sila mangangahas na ibahagi ang impormasyong ito sa labas ng pamilya. Kung may mangyari talagang isang bagay, maaari pa nga silang tumulong na magbigay ng proteksiyon. Sa ganitong paraan, ang mga kapatid na nanununuluyan sa tahanang matutuluyan na ito ay mananatili ring hindi naaapektuhan ng pang-aabala ng mundong nasa labas. Sa ilang kaso, ang nagpapatuloy ay mahina ang loob, natatakot na baka ilantad ng kanyang mga anak ang pananampalataya niya sa Diyos, na matuklasan ng mga kapitbahay niya ang tungkol sa kanyang pananampalataya at isumbong siya, at lalo na baka magkaaberya ang mga bagay-bagay at maaresto siya. Kapag nagsimula na siyang magpatuloy ng mga kapatid sa bahay, palagi siyang kinakabahan, hindi makakain sa maghapon o makatulog sa gabi, ginugugol ang buong araw nang nababalisa at natatakot, na parang isang magnanakaw. Sa tuwing maririnig niyang may nangyayari, tulad ng pagpaplano ng pamahalaan na magsiyasat ng rehistro ng mga sambahayan o pagpunta ng mga tauhan ng pamahalaan sa bahay niya para gumawa ng isang bagay sa ilalim ng iba’t ibang kadahilanan, lubos siyang natatakot at palaging gustong paalisin kaagad ang mga kapatid para hindi siya

madamay. Kapag nakita ito ng mga kapatid, dapat silang lumipat kaagad, dahil ang gayong lugar ay hindi angkop para sa pagpapatuloy; magagamit lang ito bilang isang pansamantalang tuluyan sa loob ng ilang araw. Kung ang mga anak, kamag-anak, o kaibigan ng nagpapatuloy ay masasamang tao na, kapag nalaman na tumatanggap siya ng mga mananampalataya, ay maaaring dumating para manggulo o magsuplong pa nga ng mga kapatid sa pulisya, napakamapanganib nito. Ang gayong pamilyang nagpapatuloy sa bahay ay hindi angkop na makasamang manuluyan. May ilang magulang na umaastang tila mga alipin ng mga anak nila; maaaring sabihin nila, “Ayos lang, sumusunod sa akin ang mga anak ko,” pero ang totoo, ang pagsunod ng mga anak nila ay nakadepende sa sitwasyon. Kapag nasasangkot ang mga pansariling interes ng mga ito, hindi sumusunod ang mga anak nila sa kanila. Ang gayong tao ay hindi maglalakas-loob na ipaalam sa mga anak niya na nagpapatuloy siya sa bahay niya ng mga kapatid. Kung natuklasan ito ng kanyang mga anak o kamag-anak, tiyak na paaalisin ng mga ito ang mga kapatid, at walang magagawa ang nagpapatuloy para pigilan ang mga ito—wala siyang huling desisyon sa sarili niyang pamamahay. Ang gayong tao ay hindi angkop para magpatuloy sa bahay niya; maaaring may pagnanais siyang magpatuloy sa bahay niya pero wala siyang tapang na gawin ito. Maglalakas-loob ba talaga ang isang duwag na magpatuloy sa bahay niya? Kung hindi mo matitiyak ang pagiging ligtas ng mga kapatid, hindi ka angkop para sa tungkuling ito—hindi ka dapat magboluntaryo para dito at huwag kang magbigay ng mga hungkag na pangako sa mga lider at manggagawa, ni hindi mo dapat tanggapin ang tungkuling ito. Kung isasaayos ng mga lider at manggagawa ang tirahan ng mga kapatid sa ganitong uri ng pamamahay para sa pagpapatuloy sa bahay, sa palagay ba ninyo ay angkop ito? (Hindi.) Sobrang hindi ito angkop. Huwag ipadala ang mga kapatid sa malaking panganib. Maaaring lubhang ligtas na naninirahan ang mga kapatid sa ibang lugar; kung isasaayos mong patirahin sila sa tahanan ng taong ito, kung saan ang mga anak o kamag-anak ay mga walang pananampalataya at maaaring iulat sila at dalhin sa pulisya ng mga ito sa sandaling malaman ng mga ito na may mga mananampalatayang nananatili roon, sa gayon ay nailalagay sa panganib ang buhay nila, hindi ba’t mapapahamak ang nagpapatuloy na iyon? Kung handang ipagsapalaran ng nagpapatuloy ang buhay niya para protektahan ang mga kapatid sa gayong mga sitwasyon at kayang epektibong matiyak ang pagiging ligtas ng mga ito, at kung karaniwan siyang nagpapakita ng mahusay na karunungan, ang pamilyang ito na nagpapatuloy sa bahay ay maaari pa ring maging isang angkop na pagpipilian. Gayumpaman, kung hindi niya kayang ipagsapalaran ang buhay niya para protektahan ang mga kapatid, at kung wala siyang solusyon at umaatras lang na parang pagong na ikinukubli ang ulo nito sa loob ng talukab nito, kapag nagbabanta ang mga walang pananampalataya sa pamilya niya na iuulat ang mga kapatid at dadalhin ang mga ito sa pulisya, hindi pinoprotektahan ang mga kapatid at pinahihintulutan lang ang mga walang pananampalataya na isuplong ang mga ito, kung gayon ay hindi angkop ang sambahayang ito para sa pagpapatuloy sa bahay. Kung pansamantalang manunuluyan

doon ang mga kapatid nang ilang araw, at pagkatapos ay lilipat kaagad sa isang angkop na lugar sa sandaling may mahanap na lugar, medyo mapagtitiisan lang iyon. Hindi magiging angkop na manuluyan nang pangmatagalan sa gayong tahanan para gawin ang tungkulin nila. Kahit papaano ay dapat na magawang protektahan ng host ang pagiging ligtas ng mga kapatid—ito ay isa sa mga kinakailangan para sa isang host. Para sa mga gumagawa ng tungkulin nila para maiwasan ang pang-aabala mula sa mundong nasa labas, una, dapat na angkop ang kapaligirang pinaninirahan nila; dagdag pa rito, dapat na angkop ang mga katangian ng magpapatuloy sa bahay sa lahat ng aspekto—ibig sabihin, dapat ay kaya niyang pangalagaan ang mahahalagang tauhan sa gawain mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas. Kung magagawa niyang makamit ito, saka lang makapagsasaayos ang mga lider at manggagawa na mapatira ang mahahalagang tauhan sa gawain sa tahanan niya. Kung ang magpapatuloy sa bahay ay may kakaunting pananalig, walang kakayahan, at mahina ang loob, hindi makapagpasya sa sarili niyang pamamahay, at ang sinumang anak o kamag-anak niyang walang pananampalataya ay makapapasok at makapangangasiwa sa kanya, lubos itong lumilikha ng gulo. Ang gayong lugar ay ganap na hindi angkop para sa pagpapatuloy. Kahit malaki pa ang bahay, na may maraming kuwarto, komportableng kapaligiran, at sa pangkalahatan ay may maaayos na kondisyon, hindi pa rin ito angkop para sa pagpapatuloy sa bahay. Hindi sapat ang isang angkop na kapaligirang pinaninirahan lang; dapat ding maging angkop ang nagpapatuloy sa bahay. Ang mahalagang punto rito ay na dapat munang matiyak ng nagpapatuloy sa bahay na ang mga tauhang gumagawa ng mga tungkulin nila na pinapatuloy niya sa bahay ay napapangalagaan mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas. Saka pa lang dapat isaalang-alang ang kapaligirang pinaninirahan. Katanggap-tanggap pa rin ang isang medyo hindi ideyal na kapaligiran—ito man ay mas maliit ang espasyo, limitado ang internet, mas simpleng pagkain, o hindi ganoon kadaling makakuha ng tubig. Basta't ang nagpapatuloy sa bahay ay angkop, may kakayahang tugunan ang panganib kapag lumilitaw ito, pamahalaan ang iba't ibang komplikadong sitwasyon, at lalo na ang maayos na pangasiwaan ang anumang espesyal na sitwasyon na maaaring maganap para protektahan ang pagiging ligtas ng mga kapatid, maituturing na pasok siya sa pamantayan bilang isang nagpapatuloy sa bahay. Ang mga kinakailangan natin para sa kapaligirang pinaninirahan ng isang pamilyang nagpapatuloy sa bahay ay hindi mataas; ang pinakamahalagang bagay ay na kaya nitong matiyak ang pagiging ligtas. Hindi na kailangang idetalye pa ang puntong ito.

II. Mga Kinakailangan Para sa Kapaligiran sa Lugar ng Paninirahan

Para sa panlabas na kapaligirang nakapaligid sa tirahan ng pamilyang nagpapatira sa bahay, ang unang bagay na dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ay kung ligtas ba ito. Anuman ang kondisyon ng pamilyang nagpapatira sa bahay o kung ang tirahan ba ay bahay ng kapatid o inuupahang bahay, kailangang isaalang-alang kung ang panlabas na kapaligiran ng tirahan ay ligtas; ito ang pinakamahalagang punto.

Una sa lahat, angkop lang ito kung ang pananampalataya sa Diyos ng pamilyang nagpapatira sa bahay ay walang masyadong nakakaalam at walang rekord tungkol sa pananampalataya nila sa Kawanihan ng Pampublikong Seguridad. Kung, noon, kapag nagtitipon ang mga kapatid doon, inuulat ito ng mga kapitbahay sa pamahalaan, at alam na ng pamahalaan na ang pamilyang ito ay madalas na may mga pagtitipon kasama ang mga estranghero, ang lokasyong ito ay hindi angkop para sa pagpapatira. Kung umuupa, hindi rin angkop na upahan ang bahay ng gayong pamilya. Ito ay isang aspekto. Bukod pa rito, sa ilang lugar, hindi maganda ang pampublikong seguridad, may madadalas na insidente ng nakawan, patayan, at iba't iba pang kaso. Ang mga residente ay medyo mga komplikadong indibidwal din, at madalas na pumupunta roon ang pulisya para siyasatin ang mga rehistro ng pamamahay at mga ID card, at imbestigahan ang mga suspek sa krimen, bukod sa iba pang mga bagay. Sabihin ninyo sa Akin, kung manunuluyan kayo sa gayong lugar, hindi ba't madalas kayong magdurusa sa pang-aabala? (Oo.) Ang gayong mga lugar ay hindi rin angkop para tirhan. Kumakatok ang mga pulis kada ilang araw, sinasabing may nangyaring nakawan o patayan sa malapit at humihiling ng pakikipagtulungan sa imbestigasyon, sinasabi sa mga tao na kaagad na mag-ulat kung makikita nila ang salarin. Palaging kumakatok ang mga pulis sa mga pintuan, nagkukunwari gamit ang iba't ibang uri ng palusot, sinasabing nag-iimbestiga sila ng mga kaso, pero ang totoo, sinisiyasat nila ang mga tagalabas at estranghero—ang mas tumpak, hinahanap nila ang mga taong nananampalataya sa Diyos. Makararamdam ka ba ng anumang kapanatagan sa panunuluyan sa gayong tahanang matutuluyan? (Hindi.) Walang duda, mababalisa ka buong araw. Kahit pa ang mga krimen sa labas ay walang kinalaman sa pamilyang nagpapatira sa bahay, hindi ka pa rin mapapanatag. Ang pamumuhay sa gayong kapaligiran ay madalas na nagpaparamdam sa iyo na nanganganib ang iyong personal na seguridad. Sino ang nakaaalam kung balang araw, ang pulisya, pagkakita sa mga kapatid, ay magsimulang kuwestiyunin ang mga kapatid na estranghero sa mga pulis, at mauwi sa pagkaaresto ng mga kapatid. Hindi ba't masasabi mong isang nakatatakot na sitwasyon ito? (Oo.) Bukod pa rito, karamihan sa mga Tsino ay walang kamalayan sa seguridad; sa sandaling narinig nilang may kumakatok, binubuksan nila ang pinto, at kadalasan ding hindi nila kinakandado ang mga pinto nila, na madaling humahantong sa mga insidente. Sa mga bansa sa Kanluran na may kalayaan at demokrasya, ang mga pribadong tirahan ay itinuturing na mga pribadong lugar. Kung pumasok ang isang tagalabas sa pribadong lugar nang walang pahintulot, itinuturing itong ilegal, at ang mga taong nakatira doon ay tatawag sa pulisya. Pagkatapos ay pananagutin sa batas ang nanghihimasok. Kaya, kung kumatok ang isang estranghero, hindi mo kailangang buksan ang pinto—maaari kang tumanggi. Kahit pa may nakatakdang bumisita sa iyo, kung hindi ka handa o nagbago ang isip mo, hindi mo pa rin kailangang buksan ang pinto; maaari kang magtakda ng panibagong iskedyul sa kanila. Ang mga tao sa mga bansa sa Kanluran ay may ganitong karapatan, mayroon silang ganitong kamalayan sa batas. Gayumpaman, walang ganitong kamalayan sa

batas ang mga Tsino. Kapag may naririnig silang katok sa pinto, nagmamadali silang buksan ito. Nagpapakita ito ng kawalan ng pag-iingat, kawalan ng kamalayan sa pagprotekta sa sarili, at hindi pagiging pamilyar sa mga kaugnay na batas. Ito ay dahil ang Tsina ay isang diktadura, na may iisang partidong namumuno na nangingibabaw sa batas, ang sistema ng batas nito ay isang pakitang-tao lang. Ang malaking pulang dragon ay kumikilos nang may ganap na pagwawalang-bahala sa batas at kaayusan sa Tsina, walang pakundangang gumagawa ng masasamang gawa, at ang mga tao ay walang anumang karapatang pantao. Hindi binibigyang-pansin ng mga Tsino ang mga karapatang pantao, ni hindi nila natutunan ang pagpapahalaga sa pagsunod sa mga regulasyong pandisiplina at pagsunod sa batas; sa partikular, wala silang kamalayan sa pagprotekta sa sarili, at hindi alam ng karamihan ng tao kung paano gamitin ang batas para protektahan ang sarili nila. Dahil dito, walang garantiya ng pagiging ligtas. Sa pagbubuod, sa anumang lugar na may mahinang pampublikong seguridad, mga residente na may mga komplikadong pinagmulan at pagkakakilanlan, madalas na mga inspeksiyon, o madalas na mga insidente ng iba't ibang kriminal na kaso, madali para sa mga tao na maapektuhan ng pang-aabala ng mundong nasa labas. Ang gayong lugar ay hindi angkop para panuluyan. Ito ay isang salik sa pampublikong seguridad na dapat isaalang-alang kapag nagsasaayos ng panunuluyan para sa mahahalagang tauhan sa gawain.

Ang kapaligirang pinaninirahan para sa mga gumagawa ng tungkulin nila ay dapat na piliing mabuti; pinakamainam na iwasan ang matataong lugar sa lungsod at mapapanganib na lokasyon. Aling mga lugar ang tinutukoy natin bilang matataong lugar sa lungsod? Kabilang dito ang mga lugar tulad ng malalapit sa mga riles ng tren, haywey, interseksiyon, at palengke. Lalo na sa mga pangunahing linya ng riles ng tren, kung saan dumaraan ang hindi-mabilang na tren araw-araw, at ang mga sahig ng mga kalapit na bahay ay yumayanig sa bawat pagdaan ng tren. Sa gayong kapaligiran, ganap na imposibleng makahanap ng kapayapaan habang ginagawa ang tungkulin ng isang tao. Bukod pa rito, ang ilang taong gumugol ng ilang taon sa paggawa ng tungkulin nila nang malayo sa tahanan nila ay namumuhay nang may patuloy na pagkabalisa, at ang puso nila ay wala sa pinakamainam na kondisyon, kaya't lalong hindi angkop para sa kanila na manirahan sa gayong mga lugar. Kung ang partikular na gawain ay nangangailangan ng tahimik na kapaligiran, tulad ng gawaing pagre-rekord o gawaing nakabatay sa teksto, kahit papaano ay dapat na walang ingay na makaaabala, at dapat ding matiyak ang pagiging ligtas—magiging ideyal ito. Kung walang ganap na ligtas na lugar, dapat mahanap ang isang medyo ligtas na lugar. Sa ganitong kaso, katanggap-tanggap ang kaunting ingay, at hindi natin dapat masyadong itaas ang mga kinakailangan; basta't ligtas ang kapaligirang pinaninirahan, sapat na ito. Bukod pa rito, kung ang bahay ay matatagpuan sa lugar na matindi ang trapiko, tulad ng malapit sa mga ilaw trapiko o isang interseksiyon, magkakaroon ng di-mabilang na tao at mga sasakyang dumaraan araw-araw. Ang gayong bahay ay lantad sa paningin ng maraming dumaraan, at sa isang kaswal na sulyap, madaling makikita ng mga taong dumaraan iyong mga nasa

loob ng bahay. Lalo na kapag nakabukas ang mga ilaw sa gabi, malinaw na makikita ang sitwasyon sa loob ng bahay. Masasabi mo ba na ang gayong bahay ay katanggap-tanggap pa ring panuluyan? Angkop ba ang ganitong kapaligiran? (Hindi, hindi ito angkop.) Tunay ngang hindi ito angkop. Ang mga taong nanunuluyan sa gayong lugar ay madalas na nagdurusa sa pang-aabala, madalas na nakikitang nagmamasid sa kanila ang mga estranghero. Kapag nagtatagpo ang mga mata nila sa mga mata ng isang estranghero, nagugulat sila, nakararamdam ng pagkabalisa araw-araw, palaging nararamdamang minamatyagan sila—sinong nakaaalam kung may sinumang nasa likod nito, na nagdidirekta at nagkokontrol sa mga bagay-bagay. Sa palagay mo ba ay makadarama ng kapanatagan ang isang taong naninirahan sa gayong kapaligiran? Gayundin, may ilang bahay na may mababang kalidad at mahinang soundproofing, kaya kapag nagsasalita nang malakas o nagpapatugtog ng mga himno sa loob, naririnig ng mga tao sa labas ang lahat. Bukod pa rito, may ilang bahay na nasa pinakamataas na bahagi ng komunidad, sa ganoong kaso, hindi lang ito mas madaling tamaan ng kidlat kundi pinahihintulutan din nito ang mga nakapalibot na kapitbahay na makita ang mga kapatid sa tuwing lumalabas ang mga ito. Mahirap para sa kanila kahit ang magbukas ng bintana paminsan-minsan para magpahangin o magpalamig; dapat na palaging mahigpit na nakasara ang mga bintana nang nakatakip ang mga kurtina, kaya walang liwanag ang makapapasok, at mas lalong mahirap ang lumabas para maglakad-lakad. Palaging nag-aalala na mapagmamasdan at mapapansin ng mga tao sa labas. Bagaman hindi sabay-sabay na pumapasok at lumalabas ang mga kapatid, sa tuwing may pumapasok o lumalabas, malinaw na nakikita ito ng mga tao sa labas. Sa huli, magkakaroon sila ng pangkalahatang ideya kung ilang mga estranghero ang naninirahan sa bahay na iyon. Masasabi ba ninyo na matitiyak pa rin ang pagiging ligtas ng mga taong nanunuluyan dito? (Hindi, hindi matitiyak.) Iniisip ng ilang tao, “Kadalasan ay ginagawa namin ang tungkulin namin sa loob ng bahay, at kahit kapag lumabas kami, nagsasalitan kami at hindi sabay-sabay na lumalabas. Sa pagsasagawa sa ganitong paraan, hindi malalaman ng mga nakapaligid na kapitbahay ang anumang bagay.” Pero kahit na makipagsalitan ka sa paglabas, magdudulot pa rin ito ng problema kung may makapansin na ikaw ay isang estranghero. Maraming mga walang pananampalataya ang hindi namumuhay nang maganda, pero partikular na nasisiyahan sa pagmamasid at pag-uusisa sa buhay ng ibang tao. May ilan pa nga na maaaring gumamit ng teleskopyo para mang-espiya sa iyo, pinapanood kung ano ang ginagawa mo sa loob. Kung matuklasan nilang may nagtitipon na mga mananampalataya, nagmamadali silang iulat ito sa pamahalaan kapalit ng gantimpala. Kapag itinuon ng gayong tao ang pansin niya sa iyo, hindi ba’t mapanganib na sitwasyon ito? (Oo.) Kapag itinuon na niya ang pansin niya sa iyo, may anumang mabuting maidudulot ba ito? Tiyak na mauuwi ito sa iyong pagkaaresto! Sa anumang bansa o rehiyon, palaging maraming usisero. Kahit na wala silang kinikitang pera sa pagmamanman sa iyo, handang-handa silang gawin ito—magbabayad pa nga sila ng sarili nilang pera at iaantala ang sarili nilang gawain para

gumugol ng oras sa pagbabantay. At kung may gantimpala para sa pag-uulat sa iyo, mas masasabik silang gawin ito. Lalo na sa isang diktadura tulad ng Tsina, masyadong maraming tao ang nagmamasid sa mga nananampalataya sa Diyos. Dahil tutol sila sa katotohanan at nakararamdam ng pagtutol sa mga nananampalataya sa Diyos, sa sandaling matuklasan nilang ang mga mananampalataya ay nakikisalamuha sa isa't isa o nagtitipon, iniuulat nila ito. Kung may gantimpala sa pag-uulat, nakahahanap sila ng walang sawang kasiyahan sa paggawa nito. Hindi ba't madali itong makapagdudulot ng problema sa iglesia? (Oo.) Kung naaabala ka sa ganitong paraan, hindi ba't dahil ito sa hindi isinaayos ng mga lider at manggagawa ang mga tirahan nang maayos? Kung ang lokasyon at kapaligiran para sa pagpapatira sa mahahalagang tauhan sa gawain ay hindi angkop dahil hindi lubusang isinaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang mga bagay-bagay, ito ang mga kahihinatnan. Kung ang lugar kung saan nakatira ang isang tao ay masyadong nakatatawag-pansin, maaaring madaling mauwi ito sa pagkakaroon ng problema. Kapag nagkaproblema na at saka mo lang napagtanto na ang lugar na ito ay hindi angkop para panuluyan, huli na ang lahat. Kaya't ang pagpili sa angkop na lokasyong paninirahan ng mga gumagawa ng tungkulin nila ay isa ring mahalagang gampanin, at ang hindi mahusay na pagpili ay maaaring madaling humantong sa panganib.

III. Paano Dapat Gawin ng mga Lider at Manggagawa ang Gawain ng Pagsasaayos sa Tirahan Para sa mga Tauhan

Para sa kapaligirang pinaninirahan ng mahahalagang tauhan ng gawain, may kinalaman man ito sa panloob o panlabas na kapaligiran, kailangang isaalang-alang nang lubusan ng mga lider at manggagawa ang lahat ng aspekto. Hindi sila dapat maging masyadong simple sa pag-iisip nila, palaging ipinagpapalagay na kung hindi tayo makikisalamuha sa mundong nasa labas, walang mangyayari. Ang lipunan ngayon ay sobrang komplikado, puno ng iba't ibang uri ng mga demonyo, at saanmang lugar, palaging may mga usiserong nagmamasid sa iyo, ginagawang imposible na maiwasan ang pagsisiyasat nila. Maaaring isipin mo na, "Wala naman akong nilabag na anumang batas o ginawang anumang mali sa pananampalataya ko sa Diyos. Ginagawa ko lang ang tungkulin ko; wala namang mangyayaring masama sa akin, tama?" Pero ang mga katunayan ay hindi kasingsimple ng tulad ng inaakala mo. Bakit naggugugol ang CCP ng napakaraming lakas-tao at mapagkukunan para labanan ang Diyos at sugpuin ang iglesia ng Diyos? Mabibigyang-katuturan mo ba ito? Hindi mo ito kailanman mabibigyang-katuturan. Gaano ang makikilatis mo sa kalikasan ng mga diyablo at Satanas? Napakaliit ng nauunawaan mo tungkol sa mga diyablo at Satanas. Napakakomplikado ng lipunang ito, at ang mga diyablo at Satanas ay mga kahabag-habag na gumagawa ng masasamang gawa. Ang pinakagusto nila ay ang arestuhin ang hinirang na mga tao ng Diyos at guluhin ang gawain ng iglesia. Kung palagi mong tinitingnan ang mga Satanas bilang mga karaniwang tao lang, tunay kang mangmang; ipinakikita nito na hindi mo pa

nakikilatis ang kasamaan ng lipunang ito, at tiyak na hindi mo pa nakikilatis ang pagiging kamuhi-muhi ng mga diyablo at Satanas. Kaya, para magawa ng mga lider at manggagawa ang gawain ng iglesia nang maayos, dapat nilang tiyakin ang pagiging ligtas niyong mga gumagawa ng tungkulin nila—ito ay napakahalaga. Sa isang bansang nasa ilalim ng diktadurya, kung saan walang kalayaan sa pananampalataya, napakahirap na tiyakin ang pagiging ligtas niyong mga gumagawa ng tungkulin nila. Gayumpaman, gaano man ito kahirap, dapat maingat na piliin ang angkop na mga lugar na paninirahan; hindi dapat magkaroon ng kapabayaan sa aspektong ito. Ang mga pagsasaayos ng gawain ng sambahayan ng Diyos ay kinapalooban ng pagbabahaginan sa mga usaping ito. Dapat tiyakin ng mga lider at manggagawa na magagawa ng mga kapatid ang tungkulin nila nang walang panggugulo at walang pang-aabala mula sa mundong nasa labas—basta't isinasapuso nila ito, maisasakatuparan nila ito. Ang tanging alalahanin ay kapag kumikilos sila nang pabasta-basta at nang iresponsable, iniisip lang ang sarili nilang pagiging ligtas habang binabalewala ang pagiging ligtas ng mga kapatid. Dahil dito ay nagiging imposibleng gawin ang gawain ng iglesia nang maayos. Kung, dahil sa iyong kapabayaan, kawalan ng kasigasigan, pagiging iresponsable, o takot sa kapaligiran at mga problema, nabibigo kang gawin ang mga bagay na ito, na nagreresulta sa pagkakaaresto ng mga tauhang gumagawa ng mahahalagang tungkulin at nalalagay ang buhay ng mga kapatid sa panganib—na nag-aantala sa gawain ng iglesia at pumipinsala sa mga kapatid—bilang isang lider o manggagawa, dapat mong akuin ang pananagutan. Hindi basta malulutas ang pananagutang ito sa pamamagitan ng paggugol ng kaunting pera bilang kabayaran o sa pagtatapat sa panalangin; hindi ito ganoon kasimple. Kaya, ano ang kalikasan ng usaping ito? Isa itong hindi mabuburang dungis, isang walang-hanggang pagsalangsang—nabigyan ka na ng demerito. Ang "demerito" na ito ay hindi tumutukoy sa isang pangkaraniwang pagkakamali; sa paningin ng Diyos, isa itong pagsalangsang. Kung masyadong marami ang iyong mga pagsalangsang—dahil nakagawa ka ng mga pagsalangsang dati, gumagawa pa rin ng mga ito sa ngayon, at gagawa ng mas marami pa sa hinaharap—nang may ilang malalaking pagsalangsang na pinagsama-sama, masasadlak ka sa perdisyon at pagkawasak. Hindi ka na ililigtas ng Diyos, at ang pananampalataya mo sa Diyos ay mawawalan ng kabuluhan. Hindi ka lang mawawalan ng pag-asa sa kaligtasan, kundi haharapin mo rin ang kaparusahan. Samakatwid, napakahalaga na gawin ng mga lider at manggagawa ang gawain nila nang ayon sa mga prinsipyo! Naisaulo mo na ba ito? (Oo.) Dapat tuparin ng mga lider at manggagawa ang mga tungkulin nila, at gaano man kasama o kamapanganib ang kapaligiran, dapat nilang gawin ang lahat ng makakaya nila ayon sa mga lokal na kondisyon para protektahan ang pagiging ligtas ng mahahalagang tauhan sa gawain at wastong magsaayos ng mga tirahan para sa kanila. Ang layon ay para tiyakin na ang gawain ng iglesia ay makauusad nang normal.

Para matiyak ng mga lider at manggagawa na ang mga lugar na isinaayos para sa mahahalagang tauhan sa gawain ay malaya mula sa pang-aabala ng mundong nasa

labas, bukod sa pagkakaroon ng mga kinakailangan at prinsipyo para sa tirahan at kapaligiran nito, may mga kinakailangan at prinsipyo rin para sa iba't ibang aspekto ng sitwasyon ng pamilyang nagpapatira sa bahay. Kapag nakahanap ang mga lider at manggagawa ng potensyal na pamilyang nagpapatira sa bahay, dapat muna nilang tanungin kung kumusta ang kapaligiran at mga kondisyon ng pamilya, ang sitwasyon ng mga miyembro nito, kung mayroon silang anumang pakikipag-alitan sa iba, mga kaaway, anumang gusot sa pamahalaan, kung madalas silang nasasangkot sa mga demandahan, kung mayroon ba silang komplikadong mga relasyong panlipunan, at iba pa. Ang lahat ng mga batayang sitwasyong ito ay dapat masusing itanong at alamin. Kung ang host o ang mga anak nito at iba pang miyembro ng pamilya ay may komplikadong relasyong panlipunan, at ang pamilya ay palaging walang kapanatagan—madalas bisitahin ng mga kahina-hinalang indibidwal na dumarating para maghanap ng gulo o mangolekta ng utang, o nakatatanggap ng mga liham ng pagbabanta mula sa mga bandido o magnanakaw, gayundin ay ipinatatawag ng pamahalaan o korte—pawang lubos na nakagugulo ang mga usaping ito. Kung nakikipagtipon o gumagawa ka ng iyong tungkulin sa pamamahay na ito, hindi ba't magiging mga pang-aabala ang mga ito? Kaya, kapag nahanap mo ang pamilyang ito na nagpapatira sa bahay, dapat ka munang magtanong-tanong sa kanila at alamin mo ang kanilang pangunahing sitwasyon. Pinakamainam kung wala ang mga isyung ito, pero kung may ganitong mga isyu at kasalukuyang hindi ka pa makahanap ng mas angkop na lugar, isaalang-alang kung kaya bang epektibong pangasiwaan ng host ang mga problemang ito. Kung hindi kayang epektibong pangasiwaan ng host ang mga ito at hindi kayang alisin ang magugulong isyung ito, hindi angkop ang pamamahay na ito para patuluyin ang mga kapatid, dahil ang paninirahan dito ay mangangahulugan na maaaring magdusa ang mga ito anumang oras mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas at mga nasa labas na tao, pangyayari, at bagay. Hindi direktang pinupuntirya ng mga kapaligirang ito ang mga taong nananampalataya sa Diyos. Gayumpaman, ang mga mananampalataya ay isang partikular na sensitibong grupo sa isang bansa kung saan inuusig ang relihiyon, at, bukod pa rito, matapos ang puspusang pagsisikap ng pamahalaan para sa pagpapakalat ng propaganda, pambe-brainwash, pag-iimbento ng mga tsismis, at paninirang-puri, hindi lang nabibigo ang mga walang pananampalataya na maunawaan ang mga taong nananampalataya sa Diyos, kundi naniniwala pa sila sa retorika ng CCP, nagkakaroon sila ng partikular na pagkamuhi at pagkamapanlaban sa mga mananampalataya. Kaya, kung malalaman nila na ang isang partikular na sambahayan ay nagpapatira ng mga mananampalataya, nagiging lubhang mapanganib ito kapwa sa pamilyang nagpapatira sa bahay at para sa mga kapatid. Kapag naninirahan ang mga kapatid sa gayong kapaligiran, hindi lang sila madalas na magdurusa ng pang-aabala kundi hindi rin matitiyak pati ang pagiging ligtas nila. Kaya, bakit sila patuloy na patitirahin doon? Malinaw na isa itong mapanganib na lugar, hindi angkop para tirhan—dapat kaagad silang ilipat. Ang mga lider at manggagawa ay hindi dapat basta-bastang magsaayos ng tirahan para sa mga

kapatid at pagkatapos ay maghuhugas-kamay sa usapin, iniisip na, “Basta’t mayroon silang lugar na makakainan at matutulugan, nakasisilong mula sa mga elemento, ayos na ito. Basta’t nagagawa nila ang tungkulin nila, walang problema. Saan naman ba tayo makahahanap ng napakaraming angkop na lugar?” Napakairesponsable nito! Kung walang angkop na lugar sa oras na iyon, maaari silang pansamantalang manatili roon, pero dapat kaagad kang humanap ng angkop na lugar para mailipat sila sa lalong madaling panahon; huwag mo itong ituring na pangmatagalang tirahan.

May ilang lider at manggagawa na hindi gumagawa ng tunay na gawain. Isinasaayos nila ang tirahan para sa mahahalagang tauhan sa gawain sa isang partikular na lugar, tinatanong kung ano ba ang mga kondisyon ng pagkain at pahinga, at kung may sinumang walang pananampalataya na nagmamatyag sa kanila. Pagkarinig na walang napansing anumang kakaiba sa loob ng ilang araw, hinahayaan na nila ang usapin, at hindi na binabalikan ang mga ito para kumustahin nang kalahating taon o higit pa. Naniniwala silang isinaayos na nila ang mga tirahan nang maayos at tinupad ang responsabilidad nila, iniisip na tapos at maayos na ang lahat. Tungkol naman sa kung magdurusa ng anumang pang-aabala ang kapaligiran o kung may anumang potensyal na panganib sa pagiging ligtas, hindi na nila ito binibigyang-pansin. Angkop ba ito? (Hindi.) Bakit hindi ito angkop? (Matapos isaayos ang mga tirahan, kailangang subaybayan ito ng mga lider at manggagawa. Kung hindi nila ito gagawin, at ang mga kapatid ay malalagay sa mapanganib na sitwasyon at hindi makalilipat ang mga ito, maaaring maaresto ang mga ito.) Pero iniisip ng ilang lider at manggagawa, “Mga nasa hustong gulang na kayong lahat—kailangan pa ba kitang subaybayan? Hindi mo ba nakikita kung may panganib? Kung hindi mo kaya, baka hindi gumagana ang utak mo! Kapag napansin mong may panganib, ikaw na lang mismo ang lumipat—kailangan ko pa ba talagang sabihin sa iyo?” Ganito sila mangatwiran. Sa tingin ninyo, may katuturan ba ang ganitong pangangatwiran? (Wala.) Bakit wala? (Dahil ang pagtitiyak sa pagiging ligtas ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin ay likas na responsabilidad ng mga lider at manggagawa; ito ay gawain na bahagi ng kanilang papel na dapat nilang gampanan.) Hindi nila ito nakikita bilang bahagi ng gawain na dapat gawin ng mga lider at manggagawa; iniisip nilang pagtulong lang ito sa mga kapatid, tulad ng pagsunod sa halimbawa ni Lei Feng sa paggawa ng mabubuting gawa. Hindi rin nila ito tinitingnan bilang paggawa para itaguyod ang gawain ng iglesia, sa halip ay nakikita nila ito bilang simpleng pagsasaayos ng tirahan para sa mga tauhan, walang kaugnayan sa gawain ng iglesia. Hindi mo ba masasabing kahangalan ito? Anong uri ng tao ang mag-iisip nang ganito? (Isang tao na walang pagpapahalaga sa responsabilidad.) Ganito mag-isip iyong mga tamad, hindi tapat, at iresponsableng huwad na lider. Hindi nila itinataguyod ang gawain ng sambahayan ng Diyos; pagkatapos magsaayos ng lugar para sa mga kapatid, iniisip nila, “Nagsaayos ako ng tirahan para sa inyo sa gayong kagandang lokasyon—napakalaking pabor ang ginawa ko para sa inyo!” Hindi nila ito nakikita bilang pagtataguyod sa gawain ng iglesia. Bilang mga lider at manggagawa, kung hindi ninyo isasaayos nang tama ang mga

tirahan para sa mahahalagang tauhan sa gawain at hindi ninyo epektibong tinitiyak ang pagiging ligtas nila, kapag naharap sila sa panganib at hindi magawa ang tungkulin nila nang normal, hindi ba't maaantala ang gawain ng iglesia? Dapat mo munang isaayos nang tama ang tirahan nila para matiyak ang pagiging ligtas nila, at saka lang sila makauusad para makagawa nang normal. Pero hindi ganoon mag-isip ang mga huwad na lider na iyon; iniiwan nila ang mga taong ito sa isang lokasyon at pagkatapos ay binabalewala ang mga ito, at hindi kinukumusta ang mga ito sa loob ng mahabang panahon. Kapag nagkakaroon ng isang mapanganib na sitwasyon at hindi makontak ng mga ito ang lider nila, wala silang magawa kundi lumipat nang sila-sila lang. Sa oras na nalaman na ito ng lider at sa wakas ay pupunta siya para tingnan ang sitwasyon, matagal nang wala ang mga tao, at walang ideya ang lider kung saan nagpunta ang mga ito. Anong uri ng tao ito? Anong uri ng lider o manggagawa ito? Isang huwad na lider. Lalo na para sa mga kapatid na nanggaling sa ibang lugar at hindi pamilyar sa lokal na kapaligiran, higit na kailangang bisitahin at subaybayan nang regular ang mga ito ng mga lider at manggagawa. Hindi dapat ipagpalagay ng mga lider at manggagawa na ang basta pagsasaayos ng mga tirahan para sa mga ito nang minsan ay makalulutas na nang permanente sa lahat; sa aktuwal, ang gawaing ito ay malayo pa sa pagiging kompleto. Kailangan nilang bisitahin at subaybayan ang mga ito nang madalas. Kung hindi madali para sa mga lider at manggagawa na personal na magpakita sa lokasyon, dapat nilang italaga ang iba para magsagawa ng pangungumusta. Kahit papaano, kailangan nilang subaybayan ang gawaing ito—suriin ang kapaligirang pinaninirahan ng mahahalagang tauhan sa gawaing ito, alamin kung may anumang panganib o anumang kakaiba, o kung may anumang espesyal na sitwasyong nangyari, at kung kinakailangan ang relokasyon. Ang lahat ng ito ay dapat malaman at masubaybayan. Kung, sa maikling panahon, tila pinakaangkop ang lugar na ito, ayos iyon, pero makalipas ang ilang panahon, dapat bumalik sila para kumustahin ang kapaligiran at pagiging ligtas ng mga ito, at kung may sapat na pagkain at iba pang kagamitan ba ang mga ito—dapat tanungin ang lahat ng detalyeng ito. Posibleng hindi maunawaan ng mga lider at manggagawa ang gawain ng mahahalagang tauhan sa gawain, sa ganoong kaso ay hindi sila dapat makialam sa aspektong iyon, pero ang wastong pagsasaayos ng tirahan para sa mga ito ay isang responsabilidad ng mga lider at manggagawa—ang pagkabigong gawin ito ay pagpapabaya sa responsabilidad nila at nagpapakita na sila ay mga huwad na lider na hindi gumagawa ng tunay na gawain. Lalo na para sa mga kapatid na nanggaling sa ibang lugar, mas kinakailangan pa nila ang dagdag at masusing atensyon at hindi dapat tratuhin nang walang ingat. Dapat kumustahin ng mga lider at manggagawa ang mga ito paminsan-minsan, tinitingnan kung may anumang paghihirap ang mga ito na kailangang lutasin, at kung may anumang isyu o espesyal na sitwasyon sa kapaligiran kung saan ginagawa ng mga ito ang tungkulin nila sa panahong ito, halimbawa, kung nagkaroon ba ng kakaibang aktibidad na kinasasangkutan ng lokal na pamahalaan, komite ng pamayanan, o estasyon ng pulis. Dapat magtanong at mag-usisa ang mga

lider at manggagawa tungkol sa mga bagay na ito para manatili silang may sapat na kaalaman. Pagkatapos, ang mga lider at manggagawa ay dapat na makipagbahaginan sa host tungkol sa mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa para sa maayos na pagpapatira at pagprotekta sa mga gumagawa ng tungkulin nila, para lubos na maunawaan ng host ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa na ito. Hindi pa rin dito nagtatapos ang usapin. Ang mga lider at manggagawa ay dapat ding bumisita at mag-usisa paminsan-minsan tungkol sa sitwasyon ng pamilyang nagpapatira sa bahay. Anumang isyung nakikita nila ay dapat agaran na lutasin para matiyak na walang magiging mga problema. Saka lang tunay na magagawa nang maayos ang gawain. Kung nahaharap ang host sa mga paghihirap sa pagpapatira, tulad ng mga limitasyon sa pananalapi o kawalan ng karunungan na nagiging dahilan sa kawalang-kakayahan niyang matugunan o mapangasiwaan ang mga sitwasyong lumilitaw, dapat tumulong ang mga lider at manggagawa na malutas ang mga isyung ito. Madaling lutasin ang mga limitasyon sa pananalapi—kayang ipagkaloob ng sambahayan ng Diyos ang pondo para sa pagpapatira sa bahay, habang kailangan lang ng pamilyang nagpapatira sa bahay na mag-ambag ng lakas-tao. Kung walang karunungan ang host, isa itong malaking isyu. Dapat na malinaw na ipaliwanag ng mga lider at manggagawa ang kinakailangang karunungan at ilang prinsipyo ng pagsasagawa kaugnay sa larangang ito. Kung nagkukulang pa rin ang host, dapat na maghanap ang mga lider at manggagawa ng isang matalinong kapatid sa malapit para makipagtulungan sa host na maisagawa ng maayos ang gawaing ito. Kung ang isyu ay nasa mismong host—tulad ng pagiging mahina ang loob o takot sa pagkakaaresto—dapat makipagbahaginan ang mga lider at manggagawa tungkol sa katotohanan para magbigay ng suporta at tulong, nakikipagbahaginan sa mga layunin ng Diyos pati na sa kahalagahan at kabuluhan ng paggawa ng tungkuling ito. Kung ito ay isang isyu sa obhetibong kapaligiran, hindi ito dapat ipagpaliban o basta na lang pinabayaan, at tiyak na hindi ito dapat na tratuhin nang walang ingat; dapat itong kaagad na lutasin. Halimbawa, kung napansin na ng mga tao ang lugar na ito, madalas na may mga kahina-hinalang estrangherong umaalis at pumaparito sa lugar, at posible na may nagmamatyag sa lugar, nagdudulot ito ng natatagong panganib. Kaya, kaagad na ilipat ang mga kapatid—magiging masyado nang huli kung hihintayin pang may mangyaring hindi maganda. Kung pansamantala lang ang sitwasyon at isa lang itong normal at nakagawiang proseso, kahit paano ay mapagtitiisan pa rin ito: Pansamantalang paalisin ang mga kapatid nang isa o dalawang araw para maiwasan ito, at maaari silang bumalik pagkatapos. Kung napansin na ito ng mga tao, hindi na opsyon ang pananatili roon, at kinakailangan ang permanenteng relokasyon. Ang mga ito ay ilan sa mga detalyadong isyu na kailangang pangasiwaan at lutasin ng mga lider at manggagawa sa gawaing ito. Ang gawaing ito ay hindi lang basta paglalagay ng ilang tao sa isang lugar na may pagkain at tirahan at ituturing itong tapos na; maraming detalye ang sangkot dito. Lalo sa bansang tulad ng Tsina, kung saan ang kapaligiran ay partikular na mapanlaban at matindi ang pag-uusig sa relihiyon,

ang mga lider at manggagawa ay dapat na maging higit na mapagmasid at mahigpit na subaybayan ang kapaligirang pinaninirahan at mga isyung pangkaligtasan ng mahahalagang tauhan sa gawain. Hindi sila maaaring maging pabaya. Ang lahat ng aspekto ng partikular na gawain ay dapat na gawin nang maayos para matiyak na ang pagiging ligtas ng mahahalagang tauhan sa gawain na ito ay garantisado at na magagawa nila ang tungkulin nila nang may payapang isip. Sa ganitong paraan, maayos na nagagawa ang gawain. Ito ang gawain na kailangang gawin ng mga lider at manggagawa kaugnay sa mga pamilyang nagpapatira sa bahay, at marami-raming detalye ang sangkot dito.

May ilang lider at manggagawa, matapos na magsaayos para sa partikular na mahahalagang tauhan sa gawain na mailagay sa angkop na tahanang matutuluyan, ang ganap na binabalewala ang mga ito at hindi patuloy na kinukumusta ang sitwasyon ng mga pamilyang nagpapatira sa bahay. Sinasabi nila, “Abala ako araw-araw sa gawain ng iglesia—paano ako magkakaroon ng oras para bisitahin ang mga taong ito? Bukod pa riyan, marami pang ibang gawain, at napakamapanganib din nito. Hindi madaling gawin ang gawain namin!” Patuloy nilang binibigyang-diin ang mga obhetibong dahilan, pero ayaw naman nilang tuparin ang sarili nilang mga responsabilidad. Ano sa palagay ninyo—may katuturan ba ang pahayag nilang ito? (Wala.) Bakit wala? (Sa katunayan, ang paggawa sa gawaing ito ay hindi naman nangangailangan ng napakaraming oras at lakas mula sa mga lider at manggagawa. Maaari nilang bisitahin nang saglit ang mga ito habang nasa labas sila. At kung wala silang oras, maaari din nilang isaayos na bumisita ang malalapit na kapatid.) Kung gustong gawin nang maayos ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito, kahit medyo abala sila sa pangunahin nilang gawain, maglalaan pa rin sila ng oras para pagtuunan ang gawaing ito. Kung wala silang oras para pumunta nang personal, maaari nilang isaayos ang iba para pumunta. Isaayos man nila ang iba na pumunta o sila mismo ang pumunta, sa pinakahuli, ang gawaing ito ay saklaw ng responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Ang paggawa sa gawaing ito nang maayos ay mahalagang responsabilidad ng mga lider at manggagawa, at hindi ito maaaring pabayaan. Kung masyadong abala ang mga lider at manggagawa at wala silang oras, at hindi rin nila isinasaayos ang iba para pumunta, walang mag-aasikaso sa usaping ito. Kung may mangyaring hindi maganda, ito ay magiging kapabayaan sa responsabilidad ng mga lider at manggagawa. Para maiwasang magdusa iyong mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas, kailangang isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang lahat ng aspekto ng mga isyu, ginagarantiya hangga’t maaari na magagawa ng mga ito ang mga tungkulin ng mga ito nang mapayapa at maisasagawa ang kasalukuyang gawain nang maayos. Kung ang mahahalagang tauhan sa gawain ay maayos na napoprotektahan, katumbas ito sa pagprotekta sa mahalagang gawain mismo. Kapag ang mahahalagang tauhan sa gawain ay nakagagawa nang normal, makauusad din nang maayos ang mahalagang gawain. Kaya, ang layon ng mga lider at manggagawa sa pagprotekta sa mahahalagang

tauhan sa gawain ay, sa katunayan, para mapangalagaan ang bawat mahalagang aytem ng gawain. Kung sinasabi ng ilang lider at manggagawa, “Gumagawa ka ng mahalagang tungkulin, at inatasan akong protektahan ka, pero nasa posisyon ako ng pamumuno, at hindi rin ako ligtas. Hindi ko nga magarantiya ang sarili kong pagiging ligtas, kaya paano ko kayo mapoprotektahan?”—tama ba ang pahayag na ito? (Hindi ito tama.) Anong uri ng pag-arok mayroon ang gayong mga lider at manggagawa? (Mahina ang kanilang pag-arok; ang gayong mga tao ay makasarili at madaling magkaroon ng mga pagkabaluktot.) Sila ay mga indibidwal na madaling magkaroon ng mga pagkabaluktot. Wala bang pagkamakatwiran ang mga indibidwal na madaling magkaroon ng mga pagkabaluktot? (Wala.) Kung hindi ginagawa ng mga kapatid na ito ang mga tungkulin nila sa sambahayan ng Diyos pero sa halip ay nagtatrabaho at namumuhay sa mundo, kakailanganin pa rin ba silang protektahan? Dahil mismo sa ginagawa nila ang gawain ng iglesia at mahahalagang tungkulin sa sambahayan ng Diyos, at dahil kung maaaresto sila ay maaari silang mahatulan ng pagkakakulong o mabugbog hanggang sa punto ng kapinsalaan sa katawan o kapansanan, malubhang naaapektuhan ang gawain ng iglesia, dapat maayos na maprotektahan ang mahahalagang tauhan sa gawain. Sa ganitong paraan lang makauusad nang maayos ang gawain ng iglesia. Kung sila ay nasa ilang demokratikong bansa kung saan may kalayaan sa relihiyosong pananampalataya at hindi inuusig ang mga mananampalataya sa Diyos, magiging simple ang gawaing ito para sa mga lider at manggagawa. Kailangan lang nilang humanap ng angkop na tahanan at, alinsunod sa mga lokal na batas at regulasyon, isaayos nang tama ang mga tirahan para sa mga gumagawa ng tungkulin nila. Sa pinakamarami na, kailangan lang nilang itanong kung kumusta ang pang-araw-araw na buhay kamakailan ng mga ito at kung lumalabag ba ang kapaligirang pinaninirahan sa anumang regulasyong pampamahalaan. Kung may paglabag, kailangang linawin kung ano ang isyu, gayundin kung paano ito dapat itama at lutasin. Kung walang anumang paglabag, pero nanggugulo ang pamahalaan, o nanliligalig ang masasamang tao o mga hindi kilalang indibidwal, kailangang kumonsulta sa isang abogado para pangasiwaan nang maayos ang mga usaping ito. Sa ilang malaya at demokratikong bansa, sa pinakamarami na, ang ganitong uri ng gawain lang ang kinakailangan. Gayumpaman, sa mga diktadurang bansa kung saan walang kalayaan sa relihiyosong pananampalataya, ang mga kinakailangan para sa kapaligiran at mga kondisyon ng pamilyang nagpapatira sa bahay ay dapat na mas maging mahigpit, at mas maraming gawain—gayundin ang mas maraming detalyadong gawain—ang kinakailangang asikasuhin kaugnay sa pagiging ligtas. Siyempre, mas malaki rin ang hirap na kaakibat ng ganitong gawain. Para sa gawain ng pangangalaga sa mahahalagang tauhan sa gawain mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas, kung ang bawat aspekto ng kapaligiran ay masusing isinasaalang-alang, medyo mababawasan ang mga pang-aabalang mula sa kapaligiran. Kung kapwa ang panlabas at panloob na kapaligiran ay lubusang isinasaalang-alang, makahahanap ng isang makatotohanan at praktikal na landas. Sa ganitong paraan,

maaaring bahagyang mapabuti ang kapaligiran, at mababawasan ang mga pang-aabala. Ang ganitong pamamaraan ay medyo angkop.

Pagpapanatiling Ligtas sa Mahahalagang Tauhan sa Gawain

I. Paano Tiyakin ang Pananatiling Ligtas ng Hinirang na mga Tao ng Diyos sa mga Bansa Kung Saan Inuusig ang Pananalig

Ang ikalabinlimang responsabilidad ng mga lider at manggagawa ay, una sa lahat, para protektahan ang mahahalagang tauhan sa gawain sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanila mula sa pang-aabala ng mundong nasa labas; bukod pa rito, kailangan ding panatilihing ligtas ng mga lider at manggagawa ang mga taong ito. Ang mga kinakailangan para panatilihin ang pananatiling ligtas ng mga taong ito ay mas mahigpit pa. Tingnan muna natin kung aling mga aspekto ang may kaugnayan sa pananatiling ligtas—ano ang mga isyung nauugnay sa pananatiling ligtas ang naiisip ninyo? Para matiyak ang pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin, mahalaga munang magarantiya na hindi sila apektado ng pang-aabala ng mundong nasa labas—ito ang pinakamababang dapat makamit, at sa pundasyon lang na ito matitiyak ang pananatiling ligtas ng mga ito sa pinakahuli. Ang pananatiling ligtas na pinag-uusapan natin dito ay nangangahulugan lang na magagarantiya na iyong mga gumagawa ng mga tungkulin nila ay hindi magugulo o maaaresto at makagagawa ng mga tungkulin nila nang normal. Ganito lang kasimple iyon. Kung hindi magagarantiya ng mga lider at manggagawa na mapangangalagaan ang mga gumagawa ng tungkulin nila mula sa pang-aabala at pang-aaresto, walang paraan para matiyak ang pananatiling ligtas ng mga ito. Pag-isipan ito—ano ang dapat bigyang-pansin ng mga lider at manggagawa para matiyak ang pananatiling ligtas ng mahahalagang tauhan sa gawain? Una, dapat nilang isaayos ang matitirahan ng mahahalagang tauhan sa gawain sa isang angkop na lokasyon. Ano ang ibig sabihin ng angkop na lokasyon? Dapat matugunan nito ang hindi bababa sa dalawang kondisyon. Una, ang lokasyong ito ay dapat malaya mula sa anumang pang-aabala mula sa kapaligiran. Pangalawa, hindi ito dapat nakaaakit ng atensiyon; ilang lokal na kapatid lang ang nakaaalam na ang pamilyang ito ay nananampalataya sa Diyos at nagpapatuloy sa iba, habang walang iba pa ang nakaaalam. Ang gayong lugar lang ang angkop para sa pagpapatuloy ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin. Pagkatapos lumipat sa bahay na ito ang mahahalagang tauhan sa gawain, ang personal na impormasyon tulad ng pangalan ng bawat isa at lugar na pinagmulan, pati na rin ang mga partikular na sitwasyon tulad ng uri ng gawain sa iglesia na ginagawa nila at kung naaresto na ba sila noon o pinaghahanap ng pamahalaan, ay hindi dapat basta-bastang isinisiwalat sa iba. Kung mas kaunting tao ang nakaaalam, mas mabuti. Dahil masyadong maliit ang tayog ng mga tao at hindi tiyak kung matatag silang makapaninindigan kung maaaresto at makukulong sila, dapat mayroon silang kamalayan sa sarili at iwasang basta-bastang magtanong tungkol sa personal na impormasyon ng mga kapatid, para maiwasang

magdulot ng mga problema sa sarili nila sa hinaharap. Ang mga prinsipyo at karunungan sa aspektong ito ay dapat madalas na pagbahaginan para maunawaan ng lahat ang mga ito. Hindi lang ito kapaki-pakinabang sa gawain ng sambahayan ng Diyos kundi kapaki-pakinabang din sa bawat indibidwal. Samakatwid, dapat tagubilinan ng mga lider at manggagawa ang mga kapatid sa mga pamilyang nagpapatuloy sa bahay na kontrolin ang dila ng mga ito at huwag isiwalat ang personal na impormasyon ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin sa iba pang mga kapatid o sa kanilang mga di-nananampalatayang kapamilya. Kailangan bang gawin ang gawaing ito? (Oo.) Ang ilang kapatid sa mga pamilyang nagpapatuloy sa bahay ay hindi makontrol ang dila nila. Halimbawa, may isang tao na nagpatuloy ng ilang lider at manggagawa, at naging pamilyar siya sa mga personal na sitwasyon, pinagmulan na pamilya, at mga tungkuling ginagawa ng mga taong ito. Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang mga anak, “Tingnan mo, kaedad mo siya. Sampung taon na siyang nananampalataya sa Diyos at nagbitiw pa nga siya sa trabaho niya para gawin ang tungkulin niya. Dati siyang nagtatrabaho sa isang kagawaran ng pamahalaan sa ganito-at-ganyang lungsod, na may taunang suweldo na sampu-sampung libong yuan!” Tingnan mo, para bang nakikipagkuwentuhan lang siya nang walang kabuluhan, isiniwalat niya ang impormasyon tungkol sa mga taong ito na gumagawa ng mahahalagang tungkulin sa kanyang mga di-nananampalatayang kapamilya. May iba pa nga, kapag nagpapatuloy ng mga kapatid na dati nang naaresto at nakulong, na sinasabi sa mga kapamilya nila, “Tingnan ninyo, nakulong sila nang ilang taon at hindi kailanman naging Hudas. Pagkatapos makalaya, nagpapatuloy sila sa paggawa ng tungkulin nila. Ngayon, gusto na naman silang arestuhin ng pamahalaan, kaya hindi sila makauwi para makasama ang pamilya nila, pero hindi sila negatibo. Nakikita mo ba kung gaano kalaki ang pananalig nila? Bakit hindi ka makapanampalataya nang maayos?” Sa ganitong paraan, kaswal nilang naisisiwalat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa mga kapatid sa pamamagitan ng pagbibigay-aral sa kanilang mga anak. Maaari ba itong humantong sa mga problema sa hinaharap? (Oo.) Problema ba ito? (Oo.) Kung walang mangyayari dahil dito, mabuti; pero kapag nagsagawa ng mga pag-aresto ang malaking pulang dragon, ang mga di-nananampalatayang kapamilya nila ang unang lalabas at mag-uulat sa mga kapatid: “Opisyal! Si Ganito-at-ganyan ay isang lider—siya ang hinahanap mo.” Pagkatapos ay inaaresto ng malaking pulang dragon ang taong ipinagkanulo at binubugbog hanggang halos mamatay, nag-iiwan ng mga katanungan tungkol sa kung kaya pa ba ng mga ito na ipagpatuloy ang paggawa ng kanilang tungkulin o mamuhay nang normal. Ito ang kinahihinatnan ng pagkakanulo. Hindi ba’t dulot ito ng kaswal na pananalita ng nagpapatuloy? (Oo.) Kung ang mahahalagang tauhan sa gawain ay malalagay sa gayong panganib sa pananatiling ligtas, hindi ba’t nangangahulugan ito na hindi ginawa ng mga lider at manggagawa ang trabaho nila nang maayos? (Oo.) Iniisip ng nagpapatuloy na, “Mababuting tao ang lahat ng miyembro ng aming pamilya; hindi nila kayo ipagkakanulo. Sinusuportahan nila ang pananampalataya sa Diyos—bumibili pa nga sila ng mga gulay at karne kapag dumarating kayo!” Itinuturing

niya ang mga di-nananampalatayang kapamilya niya na para bang mga kapatid, hindi malinaw na nakikita kung ano ang kayang gawin ng kapamilya niya o kung gaano kalubha ang maaaring kahihinatnan kung ipagkakanulo ng mga ito ang mga kapatid. Masyado rin siyang mausisa tungkol sa mga sitwasyon ng mga kapatid, tinatanong, “Ilang taon mo nang ginagawa ang tungkuling ito? Nakagawa ka na ba ng mga mapanganib na tungkulin? Kilala ka ba sa lokalidad bilang isang mananampalataya sa Diyos? Naaresto ka na ba?” Lalo na pagdating sa mga pinaghahanap o may rekord sa pulisya dahil sa pananampalataya nila sa Diyos at nangangaral ng ebanghelyo sa ibang rehiyon o bansa, palaging nag-uusisa ang nagpapatuloy tungkol sa impormasyon ng mga ito, tinatanong, “Pinaghahanap ka? Lokal na warrant ba ito, probinsyal na warrant, o pambansang warrant?” “May rekord ka—ilang beses ka nang naaresto? Ilang taon kang nasentensiyahan sa kulungan?” Nagtatanong siya tungkol sa mga usaping ito nang napakadetalyado. Nakikita ng mga kapatid na nanunuluyan sa tahanan niya na napakasigasig niya sa pagpapatuloy at na hindi naman siya masamang tao. Kung hindi nila ibabahagi ang impormasyong ito, pakiramdam nila na maaaring magmukha silang bastos, na naglalagay sa kanila sa alanganin. Napipilitan ang ilang tao na magsabi ng kaunting bagay, at pagkatapos magsalita, minsan ay hindi naiiwasang nauuwi ito sa mga seryosong kahihinatnan. Kaya, dapat na direktang turuan ng mga lider at manggagawa ang nagpapatuloy sa bahay: “May ilang patakaran na dapat sundin kapag nagpapatuloy ng mga kapatid. Huwag basta-bastang mag-usisa o magtanong—ang masyadong maraming malaman tungkol sa kanila ay hindi magiging kapaki-pakinabang para sa iyo. Kung may mangyayari at hindi mo makayanang tiisin ang sakit ng pagpapahirap, maaaring maging Hudas ka. Sa ganoong kaso, ang impormasyong nalaman at naarok mo ay para na ring nagbibigay-daan sa iyo na maging Hudas. Kapag nangyari iyon, mag-iiwan ito sa iyo ng panghabambuhay na pagsisisi, at sa huli ay mahaharap ka sa kaparusahan. Kung hindi mo alam ang mga detalyeng ito, hindi ka magiging isang Hudas. Kaya, hinding-hindi ka dapat na mag-usisa o sumubok na alamin ang tungkol sa mga usaping ito. Ang hindi pagkakaalam ay nagpoprotekta sa iyo at hindi makaaapekto sa iyong pagpapatuloy sa bahay o sa pagkakamit mo ng katotohanan sa pananampalataya mo sa Diyos. Pinakamainam kung hindi mo alam. Malinaw sa iyo na narito ang mga kapatid para gawin ang tungkulin nila at na hindi sila di-mabubuting tao o masasamang tao, kaya hindi na kailangang mag-usisa pa. Ang pagtupad sa tungkulin mo na patuluyin sila sa bahay ay ang pinakamahalaga, at ang magarantiya ang kanilang pananatiling ligtas ay sapat na.” Ito ay isang aytem ng gawaing kailangang gawin ng mga lider at manggagawa. Bukod pa rito, iyong mga lokal na mananampalataya na walang pundasyon sa pananalig nila at mga mananampalataya lang sa pangalan, iyong madadaldal at mahilig mag-usisa, iyong mga nagpapanatili ng malapit na pakikipag-ugnayan sa mga tauhan ng pamahalaan, at iyong mga kaagad na nagtatago tulad ng mga pagong na ikinukubli ang mga ulo ng mga ito sa talukab nito kapag nagkakaroon ng problema—at ang maaaring magkanulo sa iglesia at maging Hudas—ay hinding-hindi dapat

pahintulutang malaman na ang mga pamilyang nagpapatuloy sa bahay ay nagpapatuloy sa mga kapatid. Kung kinakailangan ang tulong ng ilang kapatid para sa gawain ng pagpapatuloy sa mahahalagang tauhan sa gawain, tanging iyong mga may pundasyon sa pananampalataya nila sa Diyos at may taglay na karunungan ang dapat piliin para makipagtulungan. Iyong mga walang pundasyon o karunungan ay lubos na hindi angkop. Kaya, paano ba dapat mismo magbigay ng tulong? Ang mga kapatid ng mga pamilyang nagpapatuloy sa bahay ay nakatuon sa pagpapatuloy sa tahanan nila, habang ang mga lokal na kapatid na may karunungan at pananalig ay tumutulong mula sa labas sa pamamagitan ng pagbibigay ng proteksiyon at pangangalaga sa kapaligiran. Dapat silang makipag-ugnayan sa maiimpluwensiyang tao, manatiling maalam tungkol sa mga bagong patakaran ng pamahalaan, mga kalakaran, at mga potensiyal na operasyon, at kaagad na magbigay-alam sa mga kapatid ng mga pamilyang nagpapatuloy sa bahay. Sa ganitong paraan, kung magpapasimula ang pamahalaan ng anumang operasyon sa pag-aresto, kaagad na makapagsasagawa ng mga hakbang pang-iwas, at magkakaroon pa rin ng oras para sa paglikas at relokasyon, o pagtatago, kaya maiiwasan ang anumang panganib. Sa ganitong paraan lang pangunahing matitiyak ang pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin. Sa madaling salita, hindi tama para sa mga lider at manggagawa na harapin ang gawaing ito nang may simplistikong pag-iisip; ang pag-iisip nang mas komplikado sa aspektong ito ay palaging mas mabuti kaysa sa simpleng pag-iisip, dahil ang mga isyung pangkaligtasan ay hindi maaaring balewalain—kapag may nangyaring hindi maganda, hindi ito magiging maliit na isyu!

May mga partikular na sitwasyon ding kailangang bigyang-pansin sa gawain ng pagtitiyak sa pananatiling ligtas ng mahahalagang tauhan sa gawain. May ilang tao na gumagawa ng mga mapanganib na tungkulin, tulad ng paglilipat ng mga aklat ng mga salita ng Diyos, o paghahatid ng mga tagubilin sa gawain o pangangasiwa pagkatapos ng insidente sa mga lugar na nakompromiso. Iyong mga gumagawa ng gayong mapanganib na gawain ay hindi kailanman dapat tumira kasama ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin, ni hindi nila dapat malaman kung saan nakatira ang mga indibidwal na iyon o kung aling pamilya ang nagpapatuloy sa mga ito. Ito ay dahil iyong mga gumagawa ng mapanganib na gawain ay nasa panganib na masubaybayan at maaresto anumang oras. Kapag nahuli sila at isinailalim sa pagpapahirap, maaari nilang ipagkanulo ang iglesia, na magdudulot naman na madamay ang mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin at mga pamilyang nagpapatuloy sa bahay. Hindi ba't may kinalaman ito sa isyu ng pananatiling ligtas? Kung may ilang tauhang gumagawa ng mahahalagang tungkulin ang lumalabas para mangasiwa ng mga usapin at sumang-ayong babalik pagkatapos ng tatlong araw, pero hindi sila bumalik pagkaraan ng tatlong araw, masasabi ba ninyong mapanganib ang sitwasyong ito? Dapat bang lumikas ang ibang tauhang gumagawa ng mga tungkulin nila? (Oo.) Sa gayong mga kaso, kinakailangan ang agarang paglikas; wala dapat pagkaantala at pakikipagsapalaran—hindi sila puwedeng magkaroon ng pag-iisip na umaasa sa suwerte. May ilang tao ang

tamad, pakiramdam na abala ito, at nag-aatubiling lumikas, sinasabing, “Ano bang masama sa paghihintay ng isa pang araw? Baka naantala lang sila dahil sa isang espesyal na sitwasyon.” Ang paghihintay ng isang araw pa ay nagpapalala lang sa panganib. Kung lilikas ka at walang mangyayari, makababalik ka pa rin, at hindi ito magiging isang pagkakamali. Pero kung hindi ka lilikas at maghihintay ng isa pang araw, maaaring may mangyaring insidente, at sa oras na mangyari ito, magiging masyadong huli na ito para sa pagsisisi. Kaya, kung ang mga kapatid na lumabas para mangasiwa sa mga usapin ay hindi bumalik sa napagkasunduang oras, posibleng may nangyaring hindi maganda. Para makaiwas sa anumang posibilidad, ang mga kaugnay na kapatid ay dapat kaagad na lumikas at lumipat sa isang medyo ligtas na lugar. Kapag nahanap na ang isang angkop na lokasyon, maipagpapatuloy na nila ang paggawa ng kanilang mga tungkulin nang normal, nang hindi pa masyadong huli ang lahat. Ang isa pang sitwasyon ay kapag ang tao sa lokal na iglesia na responsable para sa gawain ng pagsasaayos ng tirahan ng mga kapatid na gumagawa ng mga tungkulin nila ay naaresto ng malaking pulang dragon. Ano ang dapat gawin sa gayong mga kaso? (Kaagad na ilipat ang mahahalagang tauhan sa gawain.) Ang pangunahing priyoridad ng mga lider at manggagawa ay na kaagad na ilipat ang mahahalagang tauhan sa gawain sa isang medyo ligtas na lugar. Higit sa lahat, dapat magarantiya ang pananatiling ligtas ng mga ito. Hindi dapat malantad ang mga ito sa anumang panganib. Pagkatapos mailipat ang mga ito, saka pa lang maisasagawa ang mga susunod na gawain. May ilang tao na magulo ang isip na palaging may pag-iisip na umaasa sa suwerte: “Naaresto si Ganito-at-ganyan, pero ayos lang ito; napakalakas ng pananalig niya, at palagi siyang partikular na matatag sa mahihirap na sitwasyon. Siguradong hindi siya kailanman magkakanulo. Kaya, magagarantiya kong wala talagang panganib—hindi kinakailangang lumipat ang sinuman.” Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) May ilang tao rin na nagsasabing, “Kahit pa magkanulo sila, magiging mapili sila rito—ipagkakanulo lang nila ang impormasyon tungkol sa hindi mahahalagang usapin, na tiyak na hindi makaaapekto sa inyong pananatiling ligtas.” Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Walang batayan ang mga salitang ito! Makikita ba ng mga tao nang malinaw ang iba pang mga tao? Kahit pa ang taong tinutukoy ay may tayog, dapat nating iwasan na magsalita nang may sobrang kumpiyansa, dahil walang sinuman ang makatitiis sa kahihinatnan kung may mangyaring hindi maganda. Anong iba pang gawain ang kinakailangan para maprotektahan ang pananatiling ligtas ng mga tauhang gumagawa ng mahahalagang tungkulin? Kapag sinisimulang gawin ang mga tungkulin nila, kailangang malinaw na pagbahaginan ng mga lider at manggagawa ang mga katotohanang prinsipyong kaugnay sa paggawa ng tungkulin nila, pati na rin kung aling mga prinsipyo at karununggan ang ilalapat kapag nangyayari ang mga sitwasyon. Bukod pa rito, kapag lumalabas sila para gawin ang mga tungkulin nila, dapat magtalaga ang mga lider at manggagawa ng isa o dalawang tao na may karanasan at karununggang panlipunan para makipagtulungan sa kanila. Ang pamamaraan lang na ito ang ligtas at maaasahan. Ang pagsasagawa sa ganitong

paraan ay, sa isang banda, makapoprotekta sa personal nilang pananatiling ligtas. Sa kabilang banda, makatutulong ito sa kanila para malutas ang ilang isyung hindi nila malutas nang sila lang. Makaiiwas ito sa partikular na mga problema at makagagarantiya na iyong mga lumalabas para gawin ang mga tungkulin nila ay maisasagawa ang gawain nila nang normal. Para sa mga lider at manggagawa, ang paggagarantiya sa pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng tungkulin nila ay isang napakahalagang aytem ng gawain, lalo na sa mga bansa na walang kalayaan sa pananampalataya. Para maisagawa nang maayos ang gawain ng iglesia, ang pangunahing priyoridad ay ang magarantiya ang pananatiling ligtas ng mga tauhang gumagawa ng mga tungkulin nila, ginagawa man nila ang mga tungkulin nila sa kanilang lokalidad o lumalabas man sila para gawin ang mga ito. Ang mga lider at manggagawa lang na mahusay na makapangangasiwa sa gawaing pangkaligtasan ang angkop para magamit ng Diyos. Iyong mga hindi makagagawa ng ganitong gawain ay mga taong hindi pa hinog ang pagkatao, at walang malalim na pang-unawa at karunungan. Mahihirapan sila na maging angkop para magamit ng Diyos.

II. Paano Tiyakin ang Pananatiling Ligtas ng Hinirang na mga Tao ng Diyos sa Iba't Ibang Dayuhang Bansa

A. Ang Pagpoproseso sa Legal na Katayuan ng Hinirang na mga Tao ng Diyos

Sa pagsasagawa ng gawain ng iglesia sa iba't ibang dayuhang bansa, ang dapat na pangunahing priyoridad ay ang maayos na pagsasaayos sa mga tirahan ng mga tauhang gumagawa sa kanilang mga tungkulin, ginagarantiya ang pananatiling ligtas nila para magawa nila ang mga tungkulin nila nang normal. Ang isa pang mahalagang usapin ay ang pangangasiwa sa isyu ng legal na katayuan, na dapat asikasuhin sa sandaling dumating ang hinirang na mga tao ng Diyos sa isang bagong bansa. Kung walang legal na katayuan o kung hindi lehitimo ang kanilang katayuan, palaging may panganib ng deportasyon, kahit gaano pa kaganda ang kapaligiran nilang pinaninirahan. Ang mga indibidwal na ang katayuan ay hindi lehitimo ay itinuturing na mga ilegal na residente, at ang pananatiling ligtas ng mga taong ito ay nasa panganib; kung hindi matitiyak ang pananatiling ligtas nila, hindi nila magagawa ang mga tungkulin nila nang matagal. Samakatwid, sa mga dayuhang bansa, ang pagsasaayos ng maayos na tirahan para sa mga tauhang gumagawa ng mga tungkulin nila ay ang pangunahing gampanin para sa mga lider at manggagawa. Kapag naisaayos na nang maayos ang tirahan nila, ang susunod na hakbang ay ang pagsasaayos na masimulan nila ang pagpoproseso ng kanilang legal na katayuan. Sa anumang bansa, kahit papaano, ang layon sa pagpoproseso ng legal na katayuan ay dapat na para bigyang-daan ang mga kapatid na manirahan doon nang legal. Isa rin itong mahalagang aytem ng gawain sa pagtitiyak sa pananatiling ligtas ng mahahalagang tauhan sa gawain. Para makamit ang legal na paninirahan, ang unang kinakailangan ay na dapat na maging legal ang katayuan nila; hindi sila maaaring ilegal na manirahan sa isang lugar. Dapat gawin ng mga lider at

manggagawa ang lahat ng makakaya nila para isaayos ang mga tirahan para sa mga kapatid alinsunod sa mga regulasyon ng pamahalaan para sa legal na paninirahan. Ang mga lider at manggagawa ay maaaring direktang makilahok sa gawaing ito ng paghahanap ng tirahan o subaybayan ito. Kung may mga usaping hindi nila makilatis, dapat silang agarang humingi ng gabay mula sa nakatataas na mga lider at manggagawa. Sa kawalan ng mga espesyal na sitwasyon, dapat silang magsagawa nang naaayon sa mga nakaraang alituntunin ng iglesia. Dapat ding mag-usisa ang mga lider at manggagawa paminsan-minsan, at kung malalaman nila na may isang tao na may mga isyu sa kanyang legal na katayuan o anumang espesyal na sitwasyon, dapat silang magsaayos para malutas ng mga tauhang nangangasiwa sa mga panlabas na usapin ang mga isyu sa pagpoproseso para sa legal na katayuan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Siyempre, ang unang hakbang ay ang humanap ng ilang espesyalisadong abogado na mangangasiwa sa pagpoproseso ng legal na katayuan. Sa pagkuha ng mga abogado, kailangang mag-ingat para maiwasang malinlang—hindi dapat kunin ang mga huwad na abogado o iyong mga hindi espesyalisado sa pagpoproseso ng legal na katayuan. Una sa lahat, dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang mga aspektong ito na may kaugnayan sa pagpoproseso sa legal na katayuan, at dapat maisaayos ang mga usaping ito nang maayos. Ang gawaing ito ay bahagi rin ng pagpoprotekta sa mahahalagang tauhan sa gawain at pagtitiyak sa pananatiling ligtas nila, kaya't pagdating sa gawaing ito, hindi dapat magsawalang-bahala ang mga lider at manggagawa. Sinasabi ng ilang tao, "Ang pagsasaayos ng tirahan para sa mga tauhang gumagawa ng mga tungkulin nila ay gawain ng sambahayan ng Diyos; kailangan lang nating gawin ito pagkatapos makatanggap ng direktang pagsasaayos mula sa ang Itaas. Kung hindi ito isinasaayos ng ang Itaas, hindi na natin kailangang mag-abala rito, at kahit na may mangyaring hindi maganda, wala itong kinalaman sa atin. Bukod pa rito, iba-iba ang regulasyon ng bawat bansa sa imigrasyon at legal na katayuan; hindi natin kayang mapangasiwaan ang gayong kalaking isyu! Kailangan lang umasa ng lahat sa sarili nila at umasa para sa pinakamabuti—kung makapapanatili sila sa isang bansa, mananatili sila; kung hindi, babalik sila." Tama ba ang mga salitang ito? (Hindi.) Ano ang palagay mo sa ganitong saloobin? (Iresponsable ito.) Sa isang banda, iresponsable ito; sa kabilang banda, isa itong pagpapamalas ng hindi paggawa ng mga huwad na lider ng tunay na gawain at pag-iwas sa responsabilidad. Para sa mga lider at manggagawa, ang pagsasaayos ng tirahan para sa mahahalagang tauhan sa gawain sa ibang bansa ay isa ring mahalagang aytem ng gawain. Kapag maayos nang naisaayos ang tirahan para sa mga ito at nagagawa na ng mga ito ang mga tungkulin nila nang normal, ang agad na kasunod na hakbang ay ang magsaayos para gabayan ang mga ito ng mga tauhan sa panlabas na usapin sa pagproseso ng kanilang legal na katayuan. Lalo na kapag may mga espesyal na sitwasyong nangyayari sa panahon ng pagpoproseso na hindi mapangasiwaan ng mga kapatid, dapat mag-isip ang mga lider at manggagawa ng mga paraan para makahanap ng mga solusyon, at huwag balewalain ang isyu. Kung may anumang problema sa pagpoproseso sa legal na katayuan, hindi

ito isang maliit na usapin at kailangang pangasiwaan at malutas nang maaga at sa lalong madaling panahon. Huwag magpaliban—huwag ipagpabukas ang maaaring gawin ngayon; ang pagpapabukas nito ay maaaring humantong sa mga kahihinatnang mas kahila-hilakbot pa kaysa sa maiisip. Kung pabaya at iresponsable ang mga lider at manggagawa sa kanilang responsabilidad, hindi inaapura ang usapin at inaantala ang pinakamainam na panahon para sa pagproseso ng legal na katayuan, na nagsasanhi sa mga tauhan na hindi magawa ang mga tungkulin nila nang normal, sino ang aako sa responsabilidad? Nagpahayag ang mga indibidwal na ito ng mga kahilingan nila sa mga lider ng iglesia at sa mga tauhang nagpoproseso, at alam ito ng mga lider at manggagawa, pero dahil hindi sineryoso ng mga ito ang usapin o nagpalusot para hindi ito pangasiwaan, naantala ang pagpoproseso sa legal na katayuan ng ilang mahahalagang tauhan sa gawain, na medyo nakaapekto sa partikular na mahahalagang aytem ng gawain ng iglesia. Kaya, sino sa palagay ninyo ang dapat umako ng responsabilidad dito? (Ang mga lider at manggagawa.) Paulit-ulit na binigyang-diin ng sambahayan ng Diyos ang usaping ito. Hindi ito lingid sa kaalaman ng mga lider at manggagawa, ni hindi sila walang alam o walang pang-unawa rito; sa halip, alam nila ang tungkol dito pero hindi nila ito sineseryoso. Basta't wala itong kinalaman sa sarili nilang mga usapin, basta't mga isyu ito ng ibang tao, ipinagpapaliban nila ito hangga't maaari, sa huli ay naaantala ang isang usaping kasinghalaga ng pagpoproseso ng legal na katayuan ng hinirang na mga tao ng Diyos. Kapag lumitaw ang mga kahihinatnan, dapat akuin ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad. Hindi lang puro salita ang responsabilidad na ito—kung nakaaapekto ito sa gawain ng iglesia, lalo sa mahalagang gawain ng sambahayan ng Diyos, ang responsabilidad na inako ng mga lider at manggagawa ay nagiging mabigat. Kahit papaano, makatatanggap sila ng demerito mula sa Diyos, magiging isang pagsalangsang ito—iyon ang kahihinatnan. Kung ito ay isang bagay na dapat mong gawin, isang bagay na saklaw ng iyong mga responsabilidad, at hindi mo ito ginawa o binalewala mo ito, o inantala ito dahil sa partikular na mga personal na dahilan, dapat mong akuin ang responsabilidad. Sinasabi ng ilang tao, "Hindi ko alam kung paano ito lutasin; wala akong anumang daan pasulong." Pero sineryoso mo ba ito at humingi ka ba ng gabay mula sa mga nakatataas na lider at manggagawa sa unang pagkakataon? May iba pang nagsasabi na nakalimutan nila ang tungkol dito dahil abala sila sa ibang gawain. Kahit pa totoong nakalimutan nila ito dahil sa pagiging abala, paanong patuloy silang nakalilimot matapos paulit-ulit na binanggit at pinaalala sa kanila ang isyu? Anong problema ang ipinahihiwatig nito? (Hindi nila isinapuso ang usapin ng pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid; wala silang anumang pagpapahalaga sa pasanin.) Ang katunayang kaya nilang makalimutan ang gayong kahalagang bagay ay nagpapakita na wala silang pagpapahalaga sa responsabilidad at hindi sila mapagkakatiwalaan. Kaya mong kalimutan ang isang bagay na kasinghalaga ng pagpoproseso sa legal na katayuan ng hinirang na mga tao ng Diyos—makalilimutan mo ba ang pagpoproseso ng sarili mong legal na katayuan? Kung hindi mo makalilimutan ang

iyong mga sariling usapin pero makalilimutan ang sa iba, pinatutunayan nitong may mahinang karakter ka, walang pagmamahal, at makasarili at mababang-uri. Natapos mo na ang pagpoproseso sa sarili mong legal na katayuan, pero tinatrato mo ang pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid bilang isang karaniwan at walang kuwentang usapin—o ganap mo pa nga itong binabalewala—at sa huli ay naaantala ang pagpoproseso ng legal na katayuan nila, ang mahalagang usaping ito. Maaako mo ba ang responsabilidad na iyon? Hindi ba't ang gayong mga lider at manggagawa ay lubos na walang konsensiya at katwiran? Napakamakasarili at napakababa nila! Inaalala lang nila ang sarili nila at binabalewala ang iba—anong problema ang ipinahihiwatig nito? Hindi ba't mga huwad na lider sila? (Oo.) Sa gayon ay ganap na nalantad ang diwa ng problema nila. Ayaw lang talaga nilang asikasuhin ang pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid; nakaaabala ito para sa kanila. Sa puso nila, iniisip nila, "Ano ang kinalaman sa akin ng pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid?" Ito ang saloobin nila sa pagtrato sa usapin ng pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid, sa huli ay nagdudulot ng pagkaantala sa mahalagang usaping ito, nakaaapekto sa pagganap ng tungkulin ng mga kapatid, at nakaaapekto sa gawain ng iglesia. Masasabi mo bang ang gayong mga huwad na lider ay karapat-dapat na maparusahan? (Oo.) Dapat silang papanagutin dahil sinasadya ito; tiyak na hindi ito isang aksidenteng pagkaantala na dulot ng mga obhetibong salik. Kung may naganap na natural na sakuna, tulad ng lindol, pagbaha, o isang malaking pangyayaring pampolitika na nakaabala sa transportasyon at komunikasyon, kaya imposible na mapangasiwaan ang mga usaping ito, magiging kauna-unawa iyon. Pero kung wala naman sa mga pangyayaring ito ang naganap, at nakalimutan o pinabayaan pa rin nila ang pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid, inaantala ang gayong kahalagang bagay—ang legal na katayuan ng mga indibidwal na ito—ang gayong lider o manggagawa ay pabaya sa responsabilidad niya. Dapat siyang bigyan ng demerito at papanagutin. Nauunawaan mo ba? (Oo.) Dahil ikaw ay isang lider o manggagawa, may responsabilidad kang gawin ang gawaing dapat mong gawin. Para sa lahat ng nasa loob ng saklaw ng iyong responsabilidad, dapat mong maayos na pangasiwaan at tapusin ito nang naaayon sa mga kinakailangan ng sambahayan ng Diyos. Pero kung sadya mong iiwasan ang paggawa nito o aantalahin mo ito, pagpapabaya ito sa iyong responsabilidad, at ang pagpapabayang ito ay isang pagsalangsang. Kung sadya mong aantalahin ang isang usapin at hindi ito pangangasiwaan, ang kabiguan mo ay magiging isang pagsalangsang kalaunan, at bibigyan ka ng demerito ng Diyos. Mananagot ka sa usaping ito.

Sa mga dayuhang bansa, kung may mga partikular na problema sa legal na katayuan ng hinirang na mga tao ng Diyos, o kung inireklamo o isinumbong sila ng mga kapitbahay o mga estranghero, maaari silang humarap sa panganib ng deportasyon. Maaaring mangyari din na ang ilan sa hinirang na mga tao ng Diyos sa mga dayuhang bansa ay detenehin at parusahan o arestuhin at ikulong ng mga pamahalaan ng partikular na mga bansa batay sa mga gawa-gawang paratang. Anuman ang sitwasyon,

kapag nalaman ng mga lider at manggagawa ang tungkol dito, hindi sila dapat umasta na parang mga pagong na nagkukubli sa loob ng talukab nila; dapat nilang pangasiwaan ang usaping ito sa unang pagkakataon, na may pinakapangunahing layon na tiyakin ang pananatiling ligtas ng mga kapatid, hindi sila pinahihintulutang mapasakamay ng masasamang tao. Kung ang tungkol sa pagsasaayos ng gawain ng iglesia lang ang inaalala ng mga lider at manggagawa, pero binabalewala ang usapin ng pagpoproseso sa legal na katayuan ng mga kapatid, na nagreresulta sa pagkaaresto o deportasyon sa mga kapatid dahil sa kawalan ng legal na katayuan, anong mga kahihinatnan ito? Hindi ba't sinira ng gayong mga lider at manggagawa ang pagkakataon ng mga kapatid na magawa ang tungkulin nila? Hindi ba't direkta nitong naaapektuhan ang gawain ng iglesia? Kung gayon, ang kalikasan ng problemang ito ay napakaseryoso. Kung hindi pa napangangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang usaping ito dati, maaari silang humanap sa mga kapatid ng isang taong bihasa sa pangangasiwa sa mga panlabas na usapin para komunsulta sa isang abogado para mangasiwa sa usaping ito, nagsisikap na makamit ang layong maprotektahan ang mga kapatid at maprotektahan ang pananatiling ligtas ng mahahalagang tauhan sa gawain. Isa rin itong mahalagang aytem ng gawain na dapat gampanan ng mga lider at manggagawa sa ibang bansa; ang mga lokal na lider at manggagawa ay dapat na magkusa sa pag-aasikaso sa usaping ito. Bukod sa pagprotekta sa pananatiling ligtas ng mga lokal na kapatid, higit nilang dapat protektahan ang pananatiling ligtas ng mga dayuhang kapatid; sa ganitong paraan lang magkakaroon ng katiyakan ang gawain ng iglesia. Ito ang responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa sa bawat bansa para sa mga lokal na kapatid at sa mga dayuhan na mahahalagang tauhan sa gawain; hindi sila dapat manatiling walang ginagawa. Sinasabi ng ilang lider at manggagawa, "Sila ay mga dayuhang kapatid at hindi kami pamilyar sa kanila; wala kaming personal na ugnayan sa kanila. Ipinadala sila ng sambahayan ng Diyos para ipangaral ang ebanghelyo rito—ano ang kinalaman niyon sa amin? Ang kapahamakang ito ay isang bagay na idinulot nila sa sarili nila; hindi nila malinaw na inusisa ang tungkol sa sitwasyon bago sila dumating at hindi nila pinangasiwaan nang maayos ang mga usaping ito. Wala kaming paraan para makialam sa kapahamakang ito; sino ang nakaaalam kung ano ang gagawin ng pamahalaan sa kanila." Gumagamit lang sila ng iba't ibang palusot para takasan at iwasan ang mga usaping ito, at hindi sila naghahanap ng mga paraan para kumilos na lutasin ang mga ito. Tama ba ang ganitong paraan ng pagkilos? (Hindi.) Bakit hindi? (Kung hindi kumikilos ang mga lider at manggagawa sa paglutas sa mga problemang ito, at ang mga kapatid naman ay walang landas para lutasin ang mga problema, tiyak na magkakaroon ng kaguluhan. Hindi tinupad ng mga lider at manggagawa ang responsabilidad nilang protektahan ang mga kapatid—pagpapabaya ito sa responsabilidad nila.) Ang tungkulin ng mga lider at manggagawa ay tuparin ang bawat responsabilidad na dapat tuparin ng mga lider at manggagawa sa sambahayan ng Diyos. Ang saklaw ng sambahayan ng Diyos ay hindi limitado sa lokalidad, lokal na rehiyon, o isang partikular na bansa; ang

sambahayan ng Diyos ay walang pambansang hangganan, walang rehiyonal na mga limitasyon. Mayroon bang mga limitasyon sa lahi sa paghihirang at pagliligtas ng Diyos sa mga tao? (Wala.) Mayroon bang mga limitasyon sa nasyonalidad o rehiyon? (Wala rin.) Wala. Ito ang prinsipyo ng paggawa ng Diyos sa Kanyang gawain; samakatwid, ang prinsipyong ito ang katotohanan! Saanmang bansa nagmula ang mga kapatid, lahat sila ay nananampalataya sa iisang Diyos, sumusunod sa iisang Diyos, at kumakain at umiinom din ng katotohanan na ibinabahagi at ipinagkakaloob ng iisang Diyos. Dinaranas nila ang gawaing ginagawa ng iisang Diyos, at sumasamba sila sa iisang Diyos. Anuman ang kulay ng balat o lahi nila, sa sambahayan ng Diyos at sa harap ng Diyos, sila ay iisa—iisang pamilya sila. Dahil iisang pamilya sila, wala dapat na pagkakaiba sa kanila; wala dapat na mga limitasyon sa lahi o rehiyon; wala dapat mga pagkakahati-hati ng "ikaw ay Asyano, ako ay taga-Europa," o "Ikaw ay Puti, ako ay isang taong may kulay"—wala dapat mga ganitong pagkakaiba-iba. Kung gumagawa ka pa rin ng mga ganitong pagkakaiba-iba sa sambahayan ng Diyos, malinaw na hindi mo itinuturing ang sambahayan ng Diyos bilang sambahayan ng Diyos, at hindi mo itinuturing ang sarili mo bilang isang miyembro ng sambahayan ng Diyos. Kaya, kapag nakararanas ng mga problema ang mga dayuhang kapatid tulad ng deportasyon o ilegal na pag-aresto, saanman sila nagmula, anuman ang nasyonalidad nila, o anumang kulay ng balat nila, sila ay mga kapatid—dahil sila ay mga kapatid, kapag nakararanas sila ng mga problema, ang mga lokal na lider at manggagawa ay dapat na kumilos at obligado silang pangasiwaan ang usaping ito, at hindi dapat gumawa ng pagkakaiba-iba sa mga tao. Naaayon ito sa mga prinsipyo, ganap na tumutugma sa mga layunin ng Diyos, at ito ang katotohanang dapat isagawa ng mga tao.

Sa kasalukuyan, maraming hinirang na mga tao ng Diyos mula sa Tsina ang pumupunta sa iba't ibang dayuhang bansa para mangaral ng ebanghelyo at magpatotoo sa Diyos. Pagdating nila sa mga bansang ito, ang unang bagay na dapat nilang gawin ay iproseso ang legal na katayuan nila bago sila makapagtrabaho nang may kapanatagan. Ang pagproseso sa legal na katayuan ay hindi isang simpleng usapin; nangangailangan ito ng pakikipagtulungan ng mga tao sa lokal na iglesia. Iyong mga namamahala sa mga iglesia sa iba't ibang bansa ay dapat humanap ng ilang kapatid na nakauunawa sa mga patakaran sa bansa nila at alam ang mga batas nito para matulungan ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa Tsina na malutas ang isyu ng pagpoproseso ng legal na katayuan. Ang paglutas sa isyung ito ay napakahalaga. Ang mga lider at manggagawa ng mga iglesia sa iba't ibang bansa ay dapat itong pagsikapan, dahil tanging sa ganap na paglutas sa isyu ng legal na katayuan ng mga tao makauusad nang normal ang gawain ng iglesia; kung hindi, maaapektuhan ang gawain ng iglesia. Iyong mga namamahala sa mga iglesia sa iba't ibang bansa ay dapat na maghanda ng mga taong may kakayahang mangasiwa sa gayong mga usapin. Ang paggawa nito ay kapaki-pakinabang sa gawain ng iglesia at isa rin itong pagpapamalas ng pagsasaalang-alang sa mga layunin ng Diyos. Maaaring sabihin ng ilang lider at manggagawa, "Hindi pa

namin kailanman napangasiwaan ang ganitong uri ng usapin, at hindi rin namin alam kung ano ang gagawin.” Sa ganitong sitwasyon, dapat silang maghanap ng mga taong nakauunawa sa ganitong uri ng mga usapin. Sa hinirang na mga tao ng Diyos sa bawat bansa, mayroong may mga pinag-aralan at kaalaman, at mayroon din iyong mga nakauunawa sa mga pambansang batas at patakaran. Para sa kanila, ang pangangasiwa sa mga usaping ito ay nangangailangan lang ng kaunting konsultasyon para makahanap ng isang landas—hindi ba’t ganoon iyon? Sa pangangasiwa sa ganitong uri ng usapin, hindi ka dapat na maging pasibo at hindi aktibo; kung hindi mo nauunawaan ang isang bagay, dapat kang humanap ng abogado na makokonsulta. Basta’t makahahanap ng kaukulang uri ng abogado, natural na magkakaroon ng isang landas. Maaaring hindi natin nauunawaan ang usaping ito, pero mauunawaan ito ng abogado. Ang pagkakaroon ng puso na naghahanap ay ang tamang saloobin; ang pagkakaroon ng isang pusong naghahanap ay isang pagpapamalas ng pagkakaroon ng pagpapahalaga sa responsabilidad. Kung may lalabas na partikular na mga paghihirap, dapat kang manalangin, maghanap, at makipagbahaginan nang may iisang puso at isipan, at pagkatapos mahanap ang mga prinsipyo at landas para malutas ang problema, dapat ganap mong lutasin ito. Sa ganoong paraan lang maayos na makauusad ang gawain ng iglesia. Kung, kapag natutuklasan ang isang problema, kaya ng mga lider at manggagawa na kaagad na malaman ang tungkol dito, subaybayan ito, at lutasin ito, hindi ba’t mga responsableng lider at manggagawa sila? (Ganoon nga sila.) Ang gayong mga lider at manggagawa ay hindi lang may pagpapahalaga sa responsabilidad kundi kaya ring kaagad na lutasin ang mga problema, na ibig sabihin ay may pag-asa silang maging mga lider at manggagawa na pasok sa pamantayan. Gaano man kalalim ang pag-unawa nila sa katotohanan, kung tutuon sila sa paglutas ng mga problema, makagagawa sila ng tunay na gawain. Kahit papaano, mababawasan nila ang magagawa nilang pagkakamali o hindi sila magkamali; at kahit na makagawa pa sila ng ilang pagkakamali, kaya nilang kaagad na itama ang mga ito para mabawi ang ilang kawalan, sa huli ay makakamit ang layon ng pangangalaga sa gawain ng sambahayan ng Diyos. Sa palagay ba ninyo ay mahirap tuparin ang responsabilidad na ito? (Hindi.) Sa katunayan, hindi ito mahirap; nakasalalay ito sa kung ang mga tao ay may katapatan sa paggawa ng tungkulin nila at kung matutupad nila ang responsabilidad nila sa kanilang gawain. Kailangan mo lang na medyo pag-isipan ito, gumugol ng kaunting oras, at mamuhunan ng kaunting lakas; hindi kinakailangang gumastos ka ng pera o humarap sa anumang panganib. Kailangan mo lang na manguna para tumulong na lutasin ang mga problema at pangasiwaan ang mga usapin nang maayos, at sa ganitong paraan, maaari kang maging pasok sa pamantayan. Kaya, hindi ito isang mahirap na usapin, at para sa mga lider at manggagawa, dapat ay madali lang itong makamit. Pero may ilang tao na hindi kayang kamtin maging ang ganito kadaling bagay, at napakalinaw na hindi ito dahil sa kakulangan ng kakayahan o abilidad, o sa mga kondisyon o sa kapaligirang hindi nagpapahintulot dito, kundi sa halip, ito ay dahil sa ayaw nilang gawin ito. Kapag may

mga nangyayaring espesyal na sitwasyon na may kinalaman sa legal na katayuan o paninirahan ng mahahalagang tauhan sa gawain, o mga usaping may kaugnayan sa tirahan nila, ang mga lider at manggagawa ay may responsabilidad na isagawa ang gawaing ito. Hindi mahalaga kung para kanino ka nagsasaayos ng tirahan, o kung ano ang kanilang nasyonalidad o lahi; ang dapat mo lang gawin ay tanggapin ito mula sa Diyos. Ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos ang gawaing ito; ito ay iyong responsabilidad at obligasyon, pati na rin ang iyong misyon. Ang gawaing ito na tinatanggap mo ay nagmumula sa Diyos, hindi mula sa sinumang tao, kaya hindi mo dapat alalahanin kung sino ang mga taong ito na isinasaayos mo ang tirahan. Maaaring sabihin ng ilang tao na, “Ang pagprotekta sa mga lokal na kapatid ay katanggap-tanggap, pero wala kaming pakialam kung pumunta rito ang mga dayuhang kapatid.” May pagpapahalaga ba sa responsabilidad o pagkatao ang mga taong nagsasabi nito? (Wala.) Itinuturing nilang mga kapatid ang mga lokal na kapatid, pero hindi itinuturing na kapatid ang mga dayuhang kapatid—katanggap-tanggap ba ito? (Hindi ito katanggap-tanggap.) Naaayon ba ito sa katotohanan? (Hindi.) Bakit hindi ito naaayon sa katotohanan? (Ang mga huwad na lider ay hindi mapagsaalang-alang sa mga layunin ng Diyos; binabalewala nila ang mga dayuhang kapatid, at hindi sila kumikilos para pangasiwaan ang mga isyu kapag nagkakaroon ng mga problema—hindi nila pinangangalagaan ang gawain ng sambahayan ng Diyos.) Umiiwas ang mga huwad na lider sa responsabilidad gamit ang iba’t ibang palusot at hindi gumagawa ng tunay na gawain. Sinasabi nilang handa silang igugol ang sarili nila para sa Diyos at handang isagawa ang katotohanan, pero kapag talagang dumating na sa mga kritikal na usapin ng gawain ng iglesia, nagtatago sila. Ito ay pagiging iresponsable. Para sa lahat ng isyu na may kinalaman sa pagprotekta sa pananatiling ligtas ng mga kapatid sa ibang bansa, dapat agarang pangasiwaan ng mga lider at manggagawa ang mga ito, tinatrato ito bilang isang responsabilidad at isang gampanin na dapat tapusin. Hindi sila dapat magpalusot para iwasan ito, ni hindi nila dapat hayaan ang kapabayaan nila sa gawaing ito na makaapekto sa pag-usad ng iba’t ibang aytem ng gawain ng sambahayan ng Diyos.

B. Pagbibigay sa Lahat ng Kapatid ng Batayang Legal na Kaalaman

Anong iba pang aspekto ng gawaing may kinalaman sa pananatiling ligtas ng mga kapatid sa ibang bansa ang naiisip ninyo? (Sa mga dayuhang bansa, dapat magbigay rin ang mga lider at manggagawa ng ilang batayang legal na kaalaman sa lahat ng kapatid, para magkaroon ang mga ito ng pagpapahalaga sa kamalayan sa batas at maiwasang sumali sa mga gawaing lumalabag sa batas.) Dapat magbigay ang mga lider at manggagawa ng batayang legal na kaalaman at pag-unawa sa iba’t ibang regulasyon ng pamahalaan sa lahat ng kapatid. Dapat nilang pag-aralan pa ang tungkol sa mga larangang ito mula sa mga lokal na kapatid sa bansang kinaroroonan nila, tulad ng mga polisiya sa imigrasyon at mga polisiyang may kinalaman sa pang-araw-araw na buhay, at pagkatapos ay organisahin ang mga kapatid para pag-aralan ang mga ito nang sa

gayon ay mahigpit silang makasunod sa mga regulasyon ng pambansang pamahalaan at makaiwas na gumawa ng anumang labag sa batas. Sa partikular, ang hinirang na mga tao ng Diyos mula sa Tsina, na napasailalim sa diktadurang pamamahala sa loob ng napakaraming taon, ay walang legal na kaalaman at hindi nakauunawa sa kahalagahan ng batas. Dahil dito, kumikilos sila nang kaswal at walang-ingat, tulad ng mga hindi sibilisadong tao. Kapag umaalis sila para manirahan sa ibang bansa, nagmumukha silang napakamangmang at madalas na gumagawa ng mga bagay na nagpapakita ng kawalan ng pag-unawa sa mga alituntunin. Halimbawa, sa ilang Kanluraning demokratikong bansa, mahusay na pinamamahalaan ang kaayusang panlipunan, may mga regulasyong nagbabawal sa ingay mula alas-10 ng gabi hanggang alas-8 ng umaga—hindi pinahihintulutan ang mga tunog tulad ng pagtahol ng mga aso o ingay mula sa makinarya sa konstruksiyon. Kung may sinumang lumabag sa mga regulasyong ito at iniulat, pangangasiwaan ito ng pulisya. Sa mainland China, walang sinumang namamahala sa mga usaping ito; saanmang may naninirahang mga tao, magiging walang habas na maingay rito, na may malalakas na tunog ng musika, sayawan, inuman, at pagdiriwang, at walang nakikialam. Kung may sinumang nagtatangka na gumawa ng anuman, maaari silang gantihan, kaya walang magawa ang mga Tsino kundi ang tiisin ito. Iba sa mga Kanluraning bansa; lahat ay protektado ng batas. Kung madalas tumahol ang aso mo sa kalagitnaan ng gabi, nakaiistorbo sa pahinga ng mga kapitbahay mo, magrereklamo sila laban sa iyo. Ang ginagawa mo ay nakaaapekto sa normal na pamumuhay ng iba, nalabag mo ang mga legal na regulasyon—lehitimo para sa kanila na gamitin ang batas bilang sandata para magreklamo laban sa iyo. May mga tao ring nagpapatuloy sa gawaing konstruksiyon hanggang alas-11 o alas-12 ng gabi, nakaaapekto sa pahinga ng mga kapitbahay nila at nagreresulta sa mga reklamo. Pagkatapos ay dumarating ang pulisya para pagmultahin at bigyang-babala sila na huwag mag-ingay sa mga itinalagang oras. May ilang tao na wala pa ngang kamalayan sa kalinisang pangkapaligiran, nagkakalat at nag-iiwan ng basurang nakakalat sa mga lansangan. Partikular na maayos sa mga Kanluraning demokratikong bansa. May mga takdang oras ang mga residente para sa pagtatapon ng basura, at dumarating ang mga trak ng basura sa mga nakatakdang araw para kolektahin ito. Matapos ang koleksiyon, nananatiling malinis ang mga lansangan. Iyong mga hindi nakauunawa rito ay maaaring magkalat, na maituturing ding paglabag sa mga regulasyon. Naaapektuhan nito ang pampublikong kalinisan at ang itsura ng lungsod, kaya't maaari silang sampahan ng mga reklamo. Ang mga Tsino, na hindi sumusunod sa mga alituntunin, ay madalas na nakatatanggap ng mga reklamo kapag naninirahan sa ibang bansa. Pagkatapos na maiulat nang maraming beses, nagkakaroon sila ng mga opinyon sa mga Kanluranin, sinasabi, "Mahilig lang talagang magsampa ng mga reklamo ang mga Kanluranin; nagsasampa sila ng reklamo sa bawat maliit na bagay," kung saan sinasabi Ko naman, "Nagsampa sila ng mga reklamo laban sa iyo dahil sa napakaraming usapin, at hindi ka pa rin nagnilay sa sarili mo, sa halip ay sinisisi mo pa sila sa pagsasampa ng mga reklamo. Tama ba sila sa pagsasampa ng mga

reklamo, kung gayon? Tama o mali ba ang mga bagay na ginawa mo?" Ganap silang tama sa pagsasampa ng mga reklamong iyon; napinsala mo ang mga interes nila at naapektuhan ang buhay nila, kaya bakit hindi sila magsasampa ng mga reklamo laban sa iyo? Isinasagawa ito para mapangalagaan ang kaayusang panlipunan at ipinapakita na ang bansang ito ay pinamamahalaan ng batas; lahat ng tao ay protektado ng batas, at ang batas sa bansang ito ay hindi palabas lang—maaaring gamitin ng lahat ang batas bilang sandata para mapangalagaan ang sarili nilang mga karapatan at interes. Nagsasampa sila ng reklamo laban sa iyo dahil hindi mo nauunawaan ang batas at nilabag mo ang mga lokal na regulasyon. Dapat mo munang aralin ang mga lokal na regulasyon at kumilos nang naaayon sa mga batas at regulasyon—kung gayon, sa palagay mo ba ay magrereklamo pa rin sila laban sa iyo? (Hindi na sila magsasampa ng reklamo.) Kaya bakit hindi kailanman nagsasampa ng mga reklamo ang mga Tsino kahit gaano kaseryoso ang usapin? (Masyadong matagal na silang inapi ng pamahalaan. Hindi sila naglalakas-loob na magsampa ng mga reklamo. Wala ring konsepto ang mga Tsino ng pagtatanggol sa mga karapatan nila.) Ang Tsina ay hindi isang bansang pinamamahalaan ng batas. Hindi ito pinamumunuan alinsunod sa batas. Ang mga batas ng Tsina ay palabas lang, at walang silbi ang pagsasampa ng reklamo roon. Kung magsasampa ka ng reklamo, at ang kabilang panig ay may kapangyarihan at impluwensiya, maaari kang balikan ng mga ito. Kung wala kang impluwensiya, hindi ka man lang maglalakas-loob na magsampa ng reklamo; ang pagsasampa ng reklamo ay maaaring madaling makapagdulot ng problema sa iyo. Kaya, kapag nahaharap sa pag-uusig ang mga Tsino—lalo na sa mga kaso kung saan may taong pinatay—kahit gaano pa kahindi-makatarungan ang pagkamatay, pribado na lang na inaareglo ang usapin kung magbabayad ng kaunting pera ang salarin. Bakit hindi nagsasampa ng kaso ang pamilya ng biktima? Alam nilang hindi sila kailanman mananalo; magkakahalaga ito ng malaking pera, pero hindi pa rin nila makakamit ang katarungan, ni hindi mapananagot ang salarin, kaya pinipili nilang huwag itong ituloy sa legal na paraan at sa halip ay aregluhin ito nang pribado. Ang mga batas ng Tsina ay palabas lang; ang Tsina ay hindi isang bansang pinamumunuan ng batas, at walang lugar para sa paghahanap ng katarungan. Walang saysay ang pagsasampa ng kaso. Kaya't anuman ang mga ilegal na sitwasyong nararanasan ng mga Tsino, hindi sila naglalakas-loob na magsampa ng mga reklamo. Ito ay dahil ang Partido Komunista ay walang ginawa kundi ang gumawa ng masasamang gawa, walang katwiran, at hindi namumuno nang naaayon sa batas. Sa Tsina, basta't isa kang ordinaryong tao, gaano man kaseryoso ang isyung kinahaharap mo, hindi ito itinuturing na isang mahalagang usapin ng Partido Komunista—walang sinumang mag-aasikaso nito. Ang mga bagay tulad ng pag-abala sa pahinga ng iba, o maging ang mga kaso ng pang-uumit, pagnanakaw, at panloloob, ay sadyang hindi itinuturing na mga isyu ng Partido Komunista. Gayumpaman, iba ito sa mga Kanluraning bansa. Ang Kanluran ay may sistemang demokratiko at isa itong lipunang pinamumunuan ng batas; basta't naapektuhan ang pahinga ng isang tao, may maisasampang reklamo, at darating

ang pulisya para siyasatin at pangasiwaan ang usapin. Ang mga Kanluranin ay may ganitong legal na kamalayan at hindi gumagawa ng gayong kahangal na mga bagay; iyong mga nanggagaling lang sa ibang bansa at hindi nakauunawa sa mga alituntunin ang gumagawa ng mga hangal na bagay na ito. Nang magsimulang manirahan ang mga Tsino sa ibang bansa, madalas silang makatanggap ng mga reklamo. Sa paglipas ng panahon, natututunan nila ang tungkol sa mga lokal na batas at regulasyon at hindi na naglalakas-loob na gawin ang mga bagay na lumalabag sa batas o nakakagulo sa iba. Samakatwid, dapat iorganisa ng mga lider at manggagawa ang mga kapatid para matutunan nila ang tungkol sa iba't ibang batas at regulasyon ng bansang kinaroroonan nila. Anuman ang nilalayon nilang gawin, dapat muna nilang konsultahin ang batas—kahit sa pag-aalaga ng mga manok o baboy sa sarili nilang bakuran, dapat muna nilang suriin ang mga regulasyon ng pamahalaan. Maaari silang maghanap ng impormasyon online o komunsulta sa mga lokal na kapatid at sa paraang ito ay makakukuha sila ng mga tumpak na sagot. Sa lahat ng usapin sa iba't ibang Kanluraning bansa, may mga partikular na regulasyon ang pamahalaan. Halimbawa, sa konstruksiyon, may mga regulasyon kung gaano dapat kataas ang mga saksakan ng koryente mula sa sahig at kung gaano kalayo dapat ang mga saksakan sa isa't isa. May mga partikular na pamantayan din para sa kapal ng mga barandilya ng hagdan at lapad ng mga balustre ng hagdan. Ang bawat hakbang sa konstruksiyon ay iniinspeksiyon ng mga tauhan ng pamahalaan, kaya't bihira ang mga insidente ng mga gusaling lumalabag sa mga batas sa konstruksiyon o hindi kontroladong konstruksiyon. Kung gusto ng mga residenteng magtayo ng bahay, ng kamalig ng mga kasangkapan, o isang maliit na silid-imbakan sa bakuran nila, dapat silang kumuha ng pahintulot mula sa pamahalaan. Kung gusto nilang mag-alaga ng mga manok o bibe, may mga regulasyon kung gaano kalayo ang kulungan mula sa ari-arian ng kapitbahay nila. Kahit pa hindi nauunawaan ng mga lider at manggagawa ang mga batas at regulasyong ito, kung may kinalaman ang gawain ng iglesia sa mga usaping ito, dapat nilang pagtuunan ang mga ito ng pansin. Dapat muna nilang konsultahin ang mga lokal na batas at mga regulasyon ng pamahalaan; ang pagiging malinaw sa mga bagay na ito ay kapaki-pakinabang sa pagganap natin ng tungkulin. Bagaman hindi direktang nauugnay ang mga usaping legal sa panloob na gawain ng iglesia, ang pagbibigay ng batayang legal na kaalaman sa lahat ay kapaki-pakinabang pa rin. Kahit papaano, makapagkakamit sila ng kaunting kaalaman, makauunawa sa ilang alituntunin, matututo kung paano mamuhay nang maayos, at makapagkakamit ng kaunting wangis ng pagkatao. Bukod pa rito, dapat makipagbahaginan ang mga lider at manggagawa sa mga responsable sa mga panlabas na usapin, tinutulungan silang magkaroon ng legal na kamalayan. Para sa maliliit na usapin, hindi na kinakailangang komunsulta sa isang abogado—kailangan lang nilang maunawaan ang mga lokal na regulasyon at mahigpit na sundin ang mga ito. Gayumpaman, para sa malalaking usapin, dapat silang komunsulta sa abogado para magkamit ng pagkaunawa sa mga lokal na batas. Sa pagbubuod, anuman ang ginagawa, ang lahat ng pagkilos ay

dapat na sumusunod sa mga batas at regulasyon. Ang pagsasagawa sa ganitong paraan sa loob ng ilang panahon ay magpapahintulot sa mga tao na maranasan ang kahalagahan ng pagsunod sa mga batas at regulasyon, at susunod sila sa mga alituntunin kapag gumagawa ng mga bagay-bagay. Kapaki-pakinabang din ito sa gawain ng iglesia.

C. Mga Prinsipyong Dapat Sundin Kapag Nagpapadala ng mga Tao Para Mangaral ng Ebanghelyo

Pagdating sa pagprotekta sa pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin, may isa pang larangan ng gawain na dapat asikasuhin ng mga lider at manggagawa, ang protektahan ang pananatiling ligtas ng mga taong ipinapadala para gawin ang tungkulin nila. Ano ang mga prinsipyong dapat sundin kapag nagpapadala ng mga tao para lumabas at gawin ang tungkulin nila? Una, dapat bigyan ng pagsasaalang-alang ang edad at kasarian ng mga tao, gayundin ang kanilang malalim na pang-unawa at karanasan sa buhay—hindi dapat magkaroon ng magulong isip o maging kaswal ang mga lider at manggagawa sa bagay na ito. Halimbawa, kung nagpapadala ka ng mga manggagawa ng ebanghelyo para mangaral ng ebanghelyo sa isang di-pamilyar na lugar, anong uri ng mga tao ang angkop na ipadala? (Ang mga taong may kaunting malalim na pang-unawa at karunungan.) Kung ang isang partikular na iglesia ay walang maraming angkop na tao, na karamihan ay mga kabataan na kulang sa karanasan sa buhay at malalim na pang-unawa, na hindi marunong mangasiwa sa mga sitwasyon—lalo na sa mahihirap na problema—kapag nahaharap sila sa mga ito, na nagsasalita nang walang mga prinsipyo, at na wala ring karunungan, hindi nila magagawa ang gawain. Kung ang gayong uri ng mga tao ang ipadadala, hindi lang nila hindi malulutas ang mga problema, kundi maaaring makaapekto at makaantala pa sila sa gawain. Samakatwid, kapag nagpapadala ng mga tao para lumabas at gawin ang tungkulin nila, kinakailangang pumili ng mga taong may hustong pagkatao at karunungan—ang gayong mga tao lang ang angkop. Kung kulang ang mga angkop na tao, hayaang makipagtulungan ang mga kabataan sa mga mas nakatatanda para gawin ang tungkulin nila. Halimbawa, ipagpalagay na may isang nakababatang kapatid na babae na may edad 25 o 26 na taong gulang, sa kabila ng pananampalataya sa Diyos nang mahaba-habang panahon, nagtataglay ng pananalig at tayog, at matagal nang gumagawa ng tungkulin niya, ay hindi alam kung paano pananatilihing ligtas ang sarili niya kung ipadadala para gawin ang tungkulin niya sa isang di-pamilyar na lugar—sa gayong kaso, kinakailangang maghanap ng isang lokal na kapatid na may karanasan sa lipunan para makipagtulungan sa kanya para gawin ang tungkulin. Siyempre, kung ang lokasyon ng tungkulin ay isang pamilyar na lugar o lugar kung saan mayroon nang isang iglesia, maaaring pumunta ang mga nakababatang kapatid. Gayumpaman, kung pupunta ang mga tao sa isang di-pamilyar na lugar, lalo sa isang lugar na may mahinang pampublikong seguridad, para mangaral ng ebanghelyo o gumawa ng ibang gawain, dapat isaalang-alang ang kanilang personal na pananatiling ligtas. Para sa mga lider at

manggagawa, sinuman ang ipinadadala nila para lumabas at gumawa ng gawain, ang pananatiling ligtas ang pangunahing konsiderasyon. Kung hindi malinaw kung anong uri ng mga tao ang mga potensyal na tatanggap ng ebanghelyo, o kung maaaring gumawa ng hindi nararapat na mga bagay ang mga taong ito, dapat mag-ingat kapag nagpapadala ng mga tao para mangaral ng ebanghelyo. Dati, narinig ko na ang ilang lider at manggagawa ay madalas na nagpapadala ng mga nakababatang sister—humigit-kumulang 18 o 19 na taong gulang, o nasa 20 anyos—sa mga di-pamilyar na lugar para mangaral ng ebanghelyo, at ayon sa mga ulat, may ilang hindi kanais-nais na insidenteng naganap. Anuman ang aktuwal na nangyari, sa huli, may kinalaman ito sa hindi pagiging masusi ng mga lider at manggagawa sa pagsasaalang-alang nila kapag ginagawa ang gawain. Dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang mga salik na ito sa kanilang gawain at hindi basta-bastang nagtatalaga sa napakababata pang kapatid sa mga hindi pamilyar at mapanganib na lugar para gawin ang tungkulin ng mga ito. May isang lider na minsang nagsaayos para sa dalawang sister, edad 18 o 19, na mangaral ng ebanghelyo. Nang may nagsabing masyado pang bata at hindi angkop ang mga ito para sa gawain, humanap ang lider ng isang 21-taong-gulang na sister para humalili, iniisip na, “Sinabi mong masyadong bata ang 19, kaya naghanap ako ng 21 taong gulang. Mas matanda na iyon, hindi ba?” Kumusta ang kakayahan ng lider na ito? May tendensiya silang mambaluktot, hindi ba? (Oo.) Ang pagiging mas matanda lang nang dalawang taon sa 19—maaari bang may karanasan siya sa buhay? Maaari bang may karanasan siya sa lipunan? Kapag nahaharap sa mga paghihirap o mapanganib na sitwasyon, maaari bang mapaiyak na lang siya? Bagaman mas matanda siya ng dalawang taon, pagdating sa edad, masyado pa rin siyang bata at wala pang kakayahan na akuin ang gawaing ito. Kahit papaano, kinakailangang maghanap ng isang kapatid na nasa edad 30 o 40, o kahit 50 o 60—mas nakatatanda sila at may karanasan sa lipunan; kapag nahaharap sa mga sitwasyon, mayroon silang karunungan para pangasiwaan ang mga ito, pinipigilang mangyari ang anumang mapanganib na sitwasyon. Ang mga kabataan ay hindi pa nakakita o nakaranas ng maraming bagay at hindi pa alam kung paano pangangasiwaan ang mga ito; kapag nakararanas ng panganib, maaaring hindi pa nga nila ito mapagtanto, kaya’t nagiging madali na mangyari ang mga insidente. Ang mga mas matanda, dahil nakakita na ng mas maraming kabuktutan sa lipunang ito at sa sangkatauhang ito, ay malimit na maging mas alerto sa mga tao. Batay sa kanilang karanasan sa lipunan at kaalaman mula sa tunay na buhay, makagagawa sila ng ilang makatwirang paghuhusga tungkol sa kung anong uri ng panganib ang maaaring lumitaw sa mga partikular na sitwasyon, kung gaano kataas ang antas ng panganib, kung aling mga indibidwal ang masasamang tao, at kung anong uri ng mga bagay ang maaaring gawin ng partikular na mga tao. Kapag nahaharap sa mapanganib na sitwasyon, mayroon din silang karunungan para umiwas sa panganib. Ang mga kabataan, sa kabilang banda, ay kulang sa karanasan. Kapag nahaharap sa mga sitwasyon, hindi nila makita ang mga posibleng mapanganib na kahihinatnan. Kaya, pagdating sa mga

usaping pangkaligtasan, mas masusi ang mga nakatatanda sa mga pagsasaalang-alang nila kaysa sa mga kabataan. Kapag ang mga lider at manggagawa ay nagsasaayos para sa mga tao na lumabas at gawin ang tungkulin nila, dapat nilang isaalang-alang ang mga lokal na kondisyon at magsaayos para sa mas nakatatanda na may kaunting karunungan at karanasan na makipagtulungan sa mga kabataan para gawin ang tungkulin ng mga ito. Ang mga lider at manggagawa ay dapat na maging masusi sa mga pagsasaalang-alang nila sa mga usaping ito.

Saan mang bansa ginagawa ang gawain ng iglesia, ang pagtitiyak sa pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng tungkulin nila ay isang aytem ng gawain na dapat pagtuunan ng pansin ng mga lider at manggagawa. Sinuman ang ipadala para gawin ang anumang gawain, dapat siyang magtaglay ng partikular na kakayahan at magkaroon ng kaunting kapabilidad para maging mahusay sa gawain at para matiyak ang pananatiling ligtas niya; sa partikular, lalong ganito ang kaso sa mga lugar o bansa na may mahinang pampublikong seguridad. Dapat isaalang-alang ng mga lider at manggagawa ang pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng tungkulin ng mga ito bilang pangunahing pagsasaalang-alang, at huwag itong walang-ingat na balewalain. May ilang tao ang nagsasabing, “Ayos lang. Ang ginagawa natin ay ang pagganap ng mga tungkulin sa sambahayan ng Diyos—may proteksiyon tayo ng Diyos, kaya walang sinumang mamamatay. Ano bang posibleng mangyaring hindi maganda?” Tama bang sabihin nila ito? (Hindi.) Bakit hindi? (Ang ganitong pananalita ay iresponsable, at ang pananaw na ito ay napakalayo rin sa realidad.) Dapat gawin ng mga tao ang makakaya nila para tuparin ang mga responsabilidad na kaya nilang tuparin at asikasuhin ang kaya nilang isaalang-alang; hindi nila dapat subukin ang Diyos, o isugal ang pananatiling ligtas ng mga kapatid. Kayang protektahan ng Diyos ang mga tao, pero kung hindi mo isasaalang-alang ang mga problema na kaya mong isaalang-alang, at ginagamit mo ang pananatiling ligtas ng mga kapatid bilang pusta para subukin ang Diyos, ibubunyag ka ng Diyos—sino ang lubhang nagpahangal sa iyo, para gumawa ng gayong kamangmangan! Samakatwid, hindi dapat gamitin ng mga lider at manggagawa ang ganitong uri ng pananalita bilang palusot para gumawa ng mga iresponsableng bagay; ang pagtitiyak sa pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng tungkulin nila ay responsabilidad mo, at dapat mong tuparin ang sarili mong responsabilidad. Matapos asikasuhin ang lahat ng kaya mong isaalang-alang at kayang gawin, para sa mga hindi mo naisaalang-alang, kung paano kikilos doon ang Diyos ay sariling usapin ng Diyos at walang kinalaman sa iyo. May ilang tao na walang pakundangang iniaatang ang lahat ng responsabilidad sa Diyos, sinasabing, “Responsable ang Diyos para sa pananatiling ligtas ng mga tao, hindi natin kailangang matakot; makapangangaral tayo sa anumang paraang gusto natin. Sa Diyos, ang lahat ay malaya at pinalaya; hindi natin kailangang mag-alala tungkol sa mga bagay na iyon!” Tama ba ang ganitong uri ng pahayag? (Hindi.) Ayon sa ganitong uri ng pahayag, hindi kailangan ng mga taong humanap ng mga prinsipyo kapag may nangyayaring mga bagay-bagay; kung ganoon ang kaso, ano ang magiging silbi ng katotohanang ipinahayag ng

Diyos? Mawawalan ito ng silbi. Sa mga nakalipas na taong ito, matiyaga at maingat na nagpahayag ang Diyos ng napakaraming salita para turuan ang mga tao, na may pakay na bigyang-kakayahan ang Kanyang hinirang na mga tao na malaman kung paano manatiling buhay, kung paano hangarin ang katotohanan, at kung paano umasal sa masamang mundong ito at sa masamang sangkatauhang ito, para makaayon sa mga layunin ng Diyos. Hindi mo dapat subukin ang Diyos, hindi ka rin dapat kumilos paano mo man gustuhin nang naaayon sa mga salita at doktrina at nang walang mga prinsipyo. Para magawa ng mga lider at manggagawa nang mabuti ang trabaho nila sa gawain ng pangangaral ng ebanghelyo, una sa lahat, dapat nilang magarantiya ang pananatiling ligtas ng mga tao. Para magawa ito, dapat muna nilang malaman at maarok ang mga partikular na sitwasyon ng mga gumagawa ng tungkulin nila, magpadala ng angkop na mga tao, at maunawaan din kung ano ang gagawin sa iba't ibang sitwasyon para magarantiya ang pananatiling ligtas ng mga tao. Kung ang isang lokasyon ay partikular na magulo, walang mga may kakilala roon, at hindi matitiyak ang pananatiling ligtas ng sinumang pumupunta roon para mangaral ng ebanghelyo, huwag munang magpadala ng mga tao roon; huwag magbakasakali, huwag gumawa ng mga di-kinakailangang sakripisyo. Anuman ang tungkuling ginagawa o alinmang gawain ang isinasagawa, hindi nito kinakailangang lumabas ka sa mundo o ipagsapalaran ang buhay mo, ni hindi nito kinakailangang itaya mo ang pananatiling ligtas mo o buhay mo. Siyempre, sa kapaligiran ng Tsina, hindi maiiwasan ang pagharap sa mga panganib sa paggawa ng tungkulin ng isang tao. Inuusig ng pamahalaan iyong mga nananampalataya sa Diyos, at kahit na alam na alam mong may panganib, dapat ka pa ring manampalataya sa Diyos, sumunod sa Diyos, at gawin ang tungkulin mo; hindi mo puwedeng abandonahin ang tungkulin mo, at walang gawain ang maaaring itigil. Iba-iba ang sitwasyon sa mga dayuhang bansa—ang ilan ay mga awtoritaryang bansa katulad ng Tsina, habang ang iba naman ay may mga demokratikong sistema. Sa mga bansang may mga demokratikong sistema, ang gawain ng pangangaral ng ebanghelyo ay makauusad nang maayos, at ang iba't ibang aytem ng gawain ay maisasakatuparan din nang mas maayos. Pero sa ilang bansa na may mga awtoritaryang katangian, ang mga tao ay parehong barbariko at paurong, at hindi madali para sa kanila na tanggapin ang tunay na daan. Kapag ipinangangaral sa kanila ang ebanghelyo, hindi lang nila hindi ito sinisiyasat, kundi maaari din nila itong bulag na kondenahin, at maaari pa ngang isumbong ang sitwasyon sa pulisya. Sa gayong mga kaso, huwag magpadala ng mga tao para mangaral ng ebanghelyo roon; sa halip, pumili ng mga lugar kung saan matitiyak ang pananatiling ligtas para maisagawa ang gawain. Ang lahat ng ito ay mga bagay na dapat maingat na isaalang-alang ng mga lider at manggagawa. Halimbawa, sa mga bansang tulad ng Malaysia, Indonesia, o India, na may mga napakakomplikadong relihiyosong pinagmulan, may partikular na mga relihiyosong denominasyon ang may malakas na impluwensiya at kontrol sa buong lipunan, hanggang sa punto na maging ang mga pamahalaan ay sumusuko sa impluwensiya ng mga relihiyong ito. Sa gayong mga bansa, kung gayon,

huwag nang magpadala ng mga karagdagang tao para mangaral doon ng ebanghelyo; sapat na para sa mga lokal na iglesia lang na mangaral ng ebanghelyo. Sa ilang bansa, nag-iiba-iba ang mga sitwasyon sa iba't ibang estado o probinsya, at ang mga lokal na batas at regulasyon ay naiiba sa mga pambansang batas at regulasyon. Halimbawa, may ilang rehiyon na may mga espesyal na relihiyosong pinagmulan, at sa mga rehiyong iyon, nagkakaisa ang iglesia at estado. Sa ilang kaso, ang mga relihiyosong lider ay may mas malaki pa ngang awtoridad kaysa sa mga lokal na opisyal ng pamahalaan at hayagang lumalabag sa ilang pambansang polisiya. Kung mangangaral ka ng ebanghelyo sa gayong mga rehiyon, may mga potensiyal na panganib sa pananatiling ligtas. Ang mga potensiyal na panganib na ito ay hindi lang limitado sa pag-iimbento ng mga tsismis tungkol sa iyo o sa pagpapalayas sa iyo—maaari ka rin nilang arestuhin, ikulong nang walang kaso, at maging pahirapan, lumpuhin, o patayin ka, at hindi makikialam ang pamahalaan. Sa katunayan, namumuhi ang mga lider ng karamihan sa mga relihiyosong denominasyon sa mga panlabas na relihiyon. Dahil napakalakas ng impluwensiya nila at hindi talaga sila napipigil ng batas, walang nangangahas na papanagutin sila gaano man nila kalupit na inuusig ang mga manggagawa ng ebanghelyo, at maging ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan ay ayaw silang salungatin. Kapag nagsimula ka nang mangaral ng ebanghelyo sa teritoryo nila, maaari ka nilang pahirapan sa anumang paraang gusto nila. Kaya, dapat na maging lalong maingat ang mga lider at manggagawa sa pagpapadala ng mga tao para mangaral ng ebanghelyo kung saan mang lugar. Una, dapat nilang imbestigahan at aralin ang tungkol sa sitwasyon sa lugar na iyon—kung may kalayaan ba sa pananampalataya, gaano kalakas ang mga puwersang panrelihiyon, at kung ano ang mga maaaring kahihinatnan kung maiulat ang mga taong nangangaral ng ebanghelyo roon. Ang mga usaping ito ay dapat na maunawaan nang malinaw bago magpasya kung magpapadala ba o hindi ng mga tao roon. Kung, matapos matutunan ang tungkol sa isang lugar, natukoy na hindi ito angkop para sa pangangaral ng ebanghelyo, walang sinuman ang pinahihintulutang magpadala ng mga tao roon para mangaral. Bahagi rin ito ng gawain na dapat gawin para matiyak ang pananatiling ligtas ng mga manggagawa ng ebanghelyo. May ilang lider at manggagawa na may baluktot na pagkaarok, at sinasabing, "Ayos lang; poprotektahan tayo ng Diyos. Kapag mas mahirap ang hamon, mas dapat natin itong harapin. Napakaraming tao na nananampalataya sa Panginoon sa lugar na iyon, kaya bakit hindi tayo dapat mangaral ng ebanghelyo roon?" May nagsasabi sa kanila, "May mga pribadong bilangguan doon. Kapag pumunta tayo roon para mangaral ng ebanghelyo, hindi lang tayo makukulong, kundi maaari pa tayong mamatay roon. Hindi tayo maaaring pumunta!" Pinag-iisipan ito ng mga hangal na huwad na lider na iyon, "Napakaraming bilangguan ng malaking pulang dragon, pero hindi tayo natatakot dito—kaya bakit tayo matatakot sa isang kumpol ng mga pribadong bilangguan doon? Maaaring ipiit ng mga bilangguan ang ating katawan pero hindi ang mga puso natin! Huwag matakot—pumunta ka na lang!" Pagkatapos ay sunod-sunod nilang ipinadadala ang mga tao, at sa huli, wala ni isa sa mga ito ang nakababalik; lahat

ng mga ito ay nakulong. Napapatulala ang mga huwad na lider. Ano ang problema rito? (Mga hangal ang mga huwad na lider na ito.) Ang gayong mga huwad na lider ay mga salbahe; mga iresponsable sila, nagpapadala ng mga tao sa panganib. Bakit hindi sila mismo ang pumunta? Tutal hindi naman sila takot sa panganib, dapat sila ang maunang pumunta. Kung pupunta sila, makababalik nang ligtas, at makapagkakamit ng mga tao, saka maaaring sumunod ang iba sa kanila. Anuman ang mangyari, ang pananatiling ligtas ng mga tao ay dapat magarantiya sa pangangaral ng ebanghelyo. Huwag na huwag magbakasakali sa mga lugar na mapanganib at hindi angkop para sa pangangaral ng ebanghelyo. Huwag ipagpalagay na ligtas ang anumang lugar sa labas ng mainland China; ito ay isang ilusyon, isang baluktot na pagkaunawa. Ang mga mangmang na tao lang ang nag-iisip nang ganito—masyadong kaunti ang nauunawaan ng gayong mga tao tungkol sa mundong ito! Huwag ipagpalagay na dahil karamihan sa mga bansang Kanluranin ay may kalayaan sa pananampalataya at medyo maraming tao ang nananampalataya sa Panginoon, maaari kang lantarang mangaral ng ebanghelyo at lantarang magsabi ng iba't ibang pahayag na naglalantad sa kung gaano kadilim at kasama ang relihiyosong mundo; kung gagawin mo ito, hindi mo lubos na maiisip ang mga kahihinatnan nito. Kailangan mong maunawaan na kapag nangangaral ng ebanghelyo, sa mga relihiyosong tao man o sa mga walang pananampalataya, humaharap ka sa tiwaling sangkatauhan, sangkatauhan na lumalaban sa Diyos. Huwag mong isipin na masyadong simple ang usaping ito.

Kung gustong magarantiya ng mga lider at manggagawa ang pananatiling ligtas ng mga manggagawa ng ebanghelyo, dapat nilang masusing isaalang-alang ang lahat ng aspekto ng isyu, at sakaling may lumitaw na anumang problema, dapat itong agarang pangasiwaan, at pagkatapos, dapat na ibuod ang mga karanasan at aral para mahanap ang mga prinsipyo at landas ng pagsasagawa, tinutukoy kung paano magsasagawa sa hinaharap—isang mahalagang aytem rin ito ng gawain na kailangang magawa. May ilang usapin na hindi pa naisasaalang-alang o nakahaharap dati ng mga lider at manggagawa; matapos lumitaw ang mga problema, dapat nilang ibuod: "Dapat pa rin ba tayong pumunta sa ganoong uri ng lugar? Tama ba ang paraang ito ng pagpapadala sa mga tao? Dapat ba nating ayusin ang mga plano, estratehiya, o direksiyon para sa mga susunod na hakbang sa pangangaral ng ebanghelyo o sa paggawa ng anumang iba pang mahalagang gawain?" Sa patuloy na proseso ng pagbubuod, dapat na unti-unting matukoy ng mga lider at manggagawa ang mga pamamaraan at prinsipyo ng gawain, para habang mas ginagawa nila ang gawain, mas nagiging partikular ito at mas naaabot nito ang inaasahang pamantayan, na may mas kakaunting hindi inaasahang pangyayari na nagaganap, o walang hindi inaasahang pangyayari na nagaganap, o maging, nang walang anumang panganib na kinahaharap ang mahahalagang tauhan sa gawain. Para makamit ang ganitong resulta, ang mga lider at manggagawa ay dapat madalas na magbuod ng mga karanasan at magkamit ng pag-unawa sa iba't ibang kapaligiran at sitwasyon na kinahaharap sa bawat rehiyon kapag pinapangaral ang

ebanghelyo. Kapag mas maraming impormasyon ang nakukuha nila at kapag mas tumpak ito, mas magiging tumpak ang mga prinsipyo at plano para sa pangangasiwa sa mga usapin, sa huli ay magkakamit sila ng resulta para sa pagtitiyak sa pananatiling ligtas ng mga tao. Sa ganitong paraan, matitiyak na ang gawain ng pangangaral ng ebanghelyo ay makauusad nang maayos.

III. Paano Pangasiwaan ang mga Lider at Manggagawa na Hindi Binibigyang-pansin ang Gawaing Pangkaligtasan

May ilang lider at manggagawa na may mahinang kakayahan at walang pagpapahalaga sa responsabilidad; hindi nila kayang gumawa ng tunay na gawain at masyado rin silang tamad para gumawa ng tunay na gawain. Sa mga lugar na responsable sila, madalas nahaharap sa mga panganib sa pananatiling ligtas iyong mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin, hinihinging lumikas o lumipat sila, kaya hindi nila magawa ang tungkulin nila nang may payapang isipan. Maging ang mga usapin na hindi dapat mangyari ay madalas na nagaganap. Halimbawa, may ilang lider o manggagawa na nakahahanap ng bahay na nagpapatuloy na nasa mababang lugar. Kapag inaasahan ang malakas na pag-ulan at pagbaha, sa takot na baka malubog ang bahay, kailangang lumikas nang maaga ang mga kapatid na naninirahan doon—bitbit ang mga kagamitan sa gawain, kaldero, kawali, at lahat ng iba pa, lumilikas sa loob ng dalawang magkasunod na araw. Dahil dito, labis na napapagod ang lahat, nakayuko ang kanilang ulo sa kawalang-pag-asa. Sinasabi nila, “Nagpapalipat-lipat tayo kada ilang araw, palaging tumatakas. Kailan ba ito matatapos? Hindi ba tayo makahahanap ng isang ligtas at maaasahang bahay kung saan normal nating magagawa ang tungkulin natin?” Ni hindi kayang pasanin ng gayong mga lider at manggagawa ang kaunting gawaing ito; ang mga kapatid na nasa ilalim nila ay hindi makakain o makatulog nang maayos, ni wala silang maayos na matutuluyan. Ang mga kondisyon ng paninirahan nila ay palaging pansamantala, na handa ang lahat na lumikas anumang oras. Sa sandaling matapos nilang gamitin ang mga pang-araw-araw na aytem nila, kaagad nila itong ineempake, dahil maaaring mangyari ang isang sitwasyon anumang oras kung saan ipinahahayag ang pagsisiyasat ng rehistrasyon ng pamamahay. Sa katunayan, alam ng lahat na ang ibig sabihin nito ay sinisiyasat kung sino iyong mga nananampalataya sa Diyos, kaya dapat palagi silang maging handa na lumipat anumang oras. Dahil dito, iyong mga gumagawa ng tungkulin nila ay palaging takot at hindi nakararamdam ng seguridad. Hindi ba’t naaapektuhan nito ang mga resulta ng tungkulin nila? Hindi ba’t nauugnay ito sa gawaing ginagawa ng mga lider at manggagawa? (Oo.) Kumusta ang paggawa nila ng gawaing ito? (Hindi nila ito ginagawa nang maayos, hindi tinutupad ang responsabilidad nila.) May ilang lider at manggagawa na iresponsable at kulang sa dedikasyon. Sila mismo ay walang mataas na mga pamantayan para sa mga kondisyon sa paninirahan; basta’t may lugar na pananggalang nila sa hangin at ulan, sapat na iyon. Kaya, hindi rin nila ginagawa ang lahat ng makakaya nila para humanap ng isang ligtas at matatag na lugar para tirhan ng

mga kapatid. May ilang lider at manggagawa na may mahinang kakayahan; hindi nila alam kung anong uri ng kapaligiran ang tahimik at angkop sa paninirahan, o angkop para magawa ng mga kapatid ang tungkulin nila. Nangungupahan sila sa bahay sa mababang lugar na hindi gustong upahan ng iba, at pagkatapos lumipat dito ang mga kapatid, sa loob ng ilang araw ay nagkakaroon na sila ng eczema, nangangati ang buong katawan. Ano ang nangyayari? Masyadong basa ang bahay, na may tubig na tumatagas mula sa sahig. Kaya bang tumira ng sinuman sa ganitong lugar? Hindi man lang kayang lutasin ng gayong mga lider at manggagawa ang problemang ito, hindi sila makahanap ng bahay na angkop para sa paggawa ng tungkulin—anong uri ng kakayahan ito? May iba pang lider at manggagawa na nangungupahan sa mga bahay na palaging tumutulo ang ulan, pinapasukan ng malamig na hangin, walang soundproofing, o walang internet, tubig, o kuryente—paano makapaninirahan ang sinuman doon? Isinasantabi nila ang maaayos na bahay at iginigiit na upahan ang mga depisyenteng bahay na ito—hindi ba't hinahadlangan nito ang mga bagay-bagay? Bagaman hindi nagkakampo sa labas ang mga kapatid, wala ang marami sa mga pangunahing pasilidad ng bahay; mas mabuti pang manirahan sa isang tolda. Kahit pa ang karamihan sa mga kapatid ay sanay sa paghihirap, iniisip na hindi kalabisan ang pagtitiis sa ganitong antas ng paghihirap, at na kaya nila itong tiisin, hindi ba't ang patuloy na paghihirap nang ganito kada ilang araw ay nakaaapekto sa pagganap nila ng tungkulin? Samakatwid, kung may mahinang kakayahan at walang pagpapahalaga sa responsabilidad ang mga lider at manggagawa, hindi nila kayang pasanin ang gawaing ito; dapat kaagad silang magbitiw at magrekomenda ng isang taong kayang gawin nang maayos ang gawaing ito para humalili, nang hindi nila maapektuhan ang mga buhay at pagganap ng tungkulin ng karamihan ng mahahalagang tauhan sa gawain. Ang pagsasaayos sa tirahan para sa mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin ay hindi nangangailangan ng pagsasaalang-alang sa bawat isang aspekto, pero dapat matiyak kahit papaano ang pangunahing kapaligirang paninirahan. Kapag may katiyakan sa aspektong ito, saka lang hindi maaapektuhan ang gawain ng iglesia. Madali bang gawin ang gawaing ito? (Oo.) Simple lang sabihin na madali itong gawin, pero kung ang mga lider at manggagawa ay mga tao na may magulong isip na may mahinang kakayahan at walang anumang pagpapahalaga sa responsabilidad, sadyang hindi nila magagawa ito. Kapag hindi kayang gawin ng mga lider at manggagawa ang gawaing ito o hindi kayang gawin ito nang maayos, napakaraming tao ang nagdurusa ng mga kahihinatnan, namumuhay araw-araw na parang tumatakas sila mula sa taggutom—paano nila magagawa ang tungkulin nila nang ganito? May ilang huwad na lider na hindi nauunawaan ang mga katotohanang prinsipyo pero gusto pa ring maging sentro ng atensyon. Hindi nila kayang gawin nang maayos ang gawain pero tumatangging magbitiw, kumakapit sa posisyon nila at hindi umaalis. Paano dapat pangasiwaan ang gayong mga lider? (Dapat silang tanggalin.) Madali ang pagtatanggal sa kanila; ang problema ay kung may mas mahusay na tao bang hahalili sa gawain nila. Kung wala, kaya ba ninyong pasanin ang gawaing ito? Magagarantiya ba ninyo na

may matatag na kapaligirang paninirahan ang mahahalagang tauhan sa gawain? Kung hindi ito kayang pangasiwaan ng isang tao, kaya ba ng tatlo o lima sa inyo na magkakasamang magtulungan para pasanin ang gawaing ito? Kung hindi rin ninyo kayang pamahalaan ang gawaing ito—kung hindi man lang ninyo magawa ang gayong kasimpleng gampanin, hindi magawa maging ang matiyak ang pangunahing kapaligirang paninirahan—dapat pansamantala kayong magtiis ng medyo higit pang paghihirap at pagdurusa. Kung makapagpapatuloy pa rin kayo sa paggawa ng inyong tungkulin, at ang Diyos, matapos makita na sapat na matatag ang inyong determinasyong magtiis ng paghihirap, ay magpadala ng isang taong maaasahang mangasiwa sa mga bagay-bagay at kayang lumutas ng mga problema para magawa ang gawain, matatapos ang mga araw ninyo ng paghihirap at mapapalitan ng masasayang araw. Kung walang ganitong tao na dumarating para lutasin ang mga problemang ito, dapat ninyong tanggapin ang kapalaran ninyo—itinadhana kayong magtiis ng paghihirap, itinakda kayo na tiisin ito; dapat ninyong gawing matatag ang inyong puso at tiisin ito. Sa katunayan, makabuluhan ang pagtitiis sa ganitong kaunting paghihirap; higit na mas mabuti ito kaysa sa pagkabilanggo at pagdurusa ng pagpapahirap. Kahit papaano ay hindi kayo isinasailalim sa pagpapahirap o interogasyon; maaari pa rin kayong magbasa ng mga salita ng Diyos, gumawa ng inyong tungkulin, at mamuhay ng buhay iglesia kasama ang mga kapatid. Bagaman may kaunting takot, kabiguan, at balakid sa daan, at madalas ay kinakailangan ninyong lumipat, isa pa rin itong pambihirang karanasan sa buhay ninyo, kung saan maaari kayong matuto ng mga aral at magkamit ng isang bagay. Hindi ba't napakabuti nito? (Oo.) Dapat magkaroon ang mga tao ng determinasyong magtiis ng paghihirap, at hayaan ang Diyos na mamatnugot ayon sa Kanyang kalooban. Kung talagang hindi ninyo kayang tiisin ang paghihirap na ito, maaari kayong taimtim na manalangin sa Diyos sa inyong puso: "O Diyos, hinihiling namin na tingnan Mo kaming mga nagdurusa—lubos kaming kahabag-habag! Sumusunod kami sa Iyo nang walang pagrereklamo o pagsisisi! Hinihiling namin sa Iyo, alang-alang sa di-natitinag naming katapatan sa Iyo, na wakasan ang buhay na ito ng paghihirap! Hinihiling namin sa Iyo na magpadala ng angkop na lider o manggagawa na maghahanap ng angkop na lugar para sa amin! Palagi kaming nagtitiis sa labas, nagpapalipat-lipat ng lugar araw-araw, at hindi namin alam kung hanggang kailan ito magpapatuloy. Ayaw na naming mawalan pa ng matutuluyan—pakiusap, bigyan Mo kami ng matatag na matutuluyan!" Angkop bang manalangin nang ganito? Maaari kayong manalangin nang ganito; batay sa mga pangangailangan ng kapaligiran, dapat kayong manalangin nang ganito.

Ang pagtitiis ng paghihirap, kapag tiningnan mula sa ibang anggulo, ay hindi naman masyadong masamang bagay; ang pagtitiis ng kaunting paghihirap ay makapagpapatibay sa iyong kalooban. Ano ang ibig sabihin ng pagtibayin ang iyong kalooban? Nangangahulugan ito na sa pamamagitan ng patuloy na pagtitiis ng paghihirap, nagiging manhid ka na rito at hindi mo na tinitingnan ito bilang paghihirap; gaano karaming hirap man ang tinitiis mo, hindi ka na nasasaktan. Gayumpaman, kapag nahaharap sa iba't ibang

sitwasyon, dapat kang matuto ng ilang aral, magkamit ng kaunting malalim na pang-unawa, at matutong kumilatis ng mga tao. Kung ang isang lider o manggagawa ay may napakahinang kakayahan at hindi man lang magawa nang maayos ang gawain ng pagsasaayos ng mga tirahan, paano nila matutustusan at maaakay ang hinirang na mga tao ng Diyos? Ang gayong mga tao ay hindi angkop na maging mga lider o manggagawa. Ang sambahayan ng Diyos ay hindi naman walang pera para mangupahan ng mga bahay, at ayaw rin nitong makita ang mga kapatid na palaging walang permanenteng lugar na matitirhan. Hindi itinataguyod ng sambahayan ng Diyos na palaging magtiis ng paghihirap o mamuhay nang mahirap na buhay araw-araw ang mga tao, bagaman siyempre hindi rin ito umiiwas sa mga taong nagtitiis ng anumang paghihirap. Pero kung ang mga lider at manggagawa ay hindi man lang magawang pangasiwaan ang gawain ng pagsasaayos ng mga tirahan, at ang paggawa ng anumang tama ay tunay na pahirapan para sa kanila, ano pa ang maipagyayabang nila? Bawat isa sa kanila ay mukhang presentable, may mga diploma, at isang taong may katayuan, pero ang pangangasiwa sa ganito kaliit na usapin ay napakahirap para sa kanila. Sa ganoong kaso, wala nang magagawa—magagawa mo na lang itong tanggapin mula sa Diyos. Ito ang paghihirap na nararapat tiisin ng mga tao; dapat mong hayaang mamatnugot ang Diyos nang naaayon sa Kanyang kalooban. Ito ang tama. Marahil darating ang araw, ang paghihirap na ito ay masusundan ng mas masasayang araw, at ang ganitong uri ng buhay ay hindi na magpapatuloy. Anumang uri ng kapaligiran ang kinaroroonan mo, dapat kang magpanatili ng isang saloobin ng pagpapasakop at iwasang magreklamo. Kung ang isang partikular na lider o manggagawa ay hindi maaasahan at hindi nagagawa nang maayos ang gawain, huwag hayaang maapektuhan nito ang iyong sinseridad at katapatan sa Diyos, at huwag hayaang maapektuhan nito ang pagpapasakop mo sa Diyos at ang saloobin mo ng pagpapasakop sa Diyos. Sa ganitong paraan, makakapanindigan ka sa usaping ito. Ang mga lider at manggagawa ay mga karaniwang tao lang. Kung may mahina silang kakayahan at hindi makagawa ng gawain, o kung mga huwad na lider sila na hindi tumutupad sa responsabilidad nila, iyon ay personal na problema na nila at walang kinalaman sa sambahayan ng Diyos. Hindi ang sambahayan ng Diyos ang nagturo sa kanila na kumilos nang ganito; nabunyag lang sila dahil sa kanilang pagiging iresponsable. Hindi nila matapos ang gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng sambahayan ng Diyos, at kaya maaari lang silang tanggalin at itiwalag. Sa gayong mga sitwasyon, kapag ang hinirang na mga tao ng Diyos ay nagdurusa ng paghihirap na ito, kailangan nilang tanggapin ito mula sa Diyos at hayaan ang Diyos na mamatnugot ayon sa kalooban Niya. Kahit pa hindi nagawa nang maayos ng mga lider at manggagawa ang gawain o may anumang mga problema sila, ang katunayang ang Diyos ay ang katotohanan, ang daan, at ang buhay ay hindi nagbabago magpakailanman. Ang pagsunod mo sa Diyos, pagpapasakop sa Diyos, at pagtanggap sa mga salita ng Diyos ay hindi dapat magbago kailanman. Ang mga ito ay mga walang hanggang katotohanan. Habang ginagawa ang tungkulin mo, anuman ang hindi kaaya-ayang mga pangyayari

na lumitaw, dapat mong tanggapin ang mga ito mula sa Diyos at matutunan ang mga aral na nakapaloob dito. Dapat mong patahimikin ang sarili mo sa harap ng Diyos at manalangin sa Kanya, at huwag hayaang maapektuhan ka ng mundo sa labas. Dapat matuto kang umangkop sa iba't ibang kapaligiran at matutong danasin ang gawain ng Diyos sa lahat ng uri ng kapaligiran. Sa ganitong paraan ka lang makapagkakamit ng buhay pagpasok. Ang ilang tao ay may maliit na tayog; kapag may lumilitaw na paghihirap, nagrereklamo sila at nag-aalala, nababalisa at nawawalan ng pananalig sa Diyos—labis na kahangalan at kamangmangan ito! Ang mga lider at manggagawa na hindi gumagawa ng tunay na gawain ay nabunyag at natiwalag na, pero ano ang kinalaman niyon sa iyo? Bakit ka magiging negatibo at malayo sa Diyos dahil lang sa hindi maayos na pagsasaayos nila ng mga bagay-bagay? Hindi ba't lubos na mapaghimagsik ito? (Oo.) Kapag may ginagawang mali ang mga tao, maaari mo silang kilatisin at tanggihan, pero huwag mong tanggihan ang Diyos o tanggihan ang katotohanan. Ang katotohanan ay hindi mali, ang Diyos ay hindi mali. Ang orihinal na intensiyon ng Diyos ay hindi para magtiis ng gayong paghihirap ang mga tao; pero para sa tiwaling sangkatauhan, ang pagtitiis ng kaunting paghihirap ay talagang kinakailangan. Ang pagtitiis ng kaunting paghihirap ay kapaki-pakinabang sa iyo; ang pakinabang ay na matututo ka ng mga aral at matututong hanapin ang katotohanan para malutas ang mga problema. Kung nagagawa mong tiisin ang iba't ibang paghihirap, nagkakamit ka ng kaunting tibay, at nagkakaroon ng kakayahang manindigan sa patotoo mo sa lahat ng uri ng kapaligiran. Ang kakayahang magtiis ng hirap ay nagpapatibay ng iyong determinasyon na magpasakop sa Diyos. Ito ang orihinal na intensiyon ng Diyos at ang resulta na gustong makita ng Diyos sa iyo. Kung kaya mong maunawaan ang mga layunin ng Diyos at kumilos at magsagawa nang naaayon sa mga layunin ng Diyos; kung kaya mong huwag talikuran ang Diyos anumang uri ng mga tao o kapaligiran ang nakahaharap mo; at kung kaya mong matutong magsagawa ng katotohanan, magkaroon ng pagpapasakop sa Diyos, magkaroon ng tamang pagkaarok at saloobin, magpanatili ng hindi nagbabagong pananalig sa Diyos, at umiwas mula sa pagrereklamo tungkol sa Diyos o paglayo ng sarili mo sa Kanya sa puso mo, gaano karami mang pagdurusa ang tinitiis ng iyong laman; mayroon kang tayog.

Dapat protektahan ng mga lider at manggagawa ang pananatiling ligtas ng mga gumagawa ng mahahalagang tungkulin, pinangangalagaan sila mula sa mga pang-aabala ng mundo sa labas. Ang gawaing ito ay kinapapalooban ng maraming detalye. Sa isang banda, kailangang maunawaan ng mga lider at manggagawa kung paano partikular na ipatupad ang mga detalyadong gampanin na ito. Bukod pa rito, kapag nahaharap sa partikular na mga espesyal na sitwasyon, dapat silang gumawa ng mga tumpak na paghuhusga, pagkatapos ay humanap ng angkop na mga prinsipyo at bumuo ng mga partikular na plano para sa pangangasiwa sa mga sitwasyon. Ang pinakahuling layon ay para matiyak ang pananatiling ligtas ng iba't ibang mahalagang tauhan sa gawain. Sa ganitong paraan lang magagarantiya na ang gawain ng pangangaral ng

ebanghelyo ay nakauusad sa maayos na paraan. Ang pagsunod sa prinsipyong ito ay tama; ito ang layon at prinsipyo ng mga lider at manggagawa sa paggawa ng gawaing ito. Kung ang mga lider at manggagawa ay tumpak na sumusunod sa layon at prinsipyong ito, masasabing pasok sila sa pamantayan sa paggawa ng gawaing ito. Ano pang ibang mga problema ang sangkot sa gawaing ito? Sinasabi ng ilang tao, “Hindi pa ako naging lider o manggagawa dati, ni hindi pa ako nakaranas ng mga ganitong uri ng usapin. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong gawin sa gawaing ito, at hindi ko alam kung paano ito gagawin. Kaya, hindi ko ito kailangang gawin—ano ang pakialam ko kung ligtas ka o hindi? Kayo na mismo ang mangasiwa nito.” Katanggap-tanggap ba para sa kanila na basta na lang maghugas-kamay sa isyu? (Hindi, hindi ito katanggap-tanggap.) Ang gayong mga lider at manggagawa ay dapat tanggalin. Kung hindi ka gumagawa ng tunay na gawain, anong silbi mo? Pinananatili ka ba namin bilang isang dekorasyon dahil maganda ka? Ang mga ganitong lider at manggagawa ay dapat tanggalin at itiwalag; hindi sila dapat pahintulutang umokupa sa isang posisyon nang walang ginagawang anumang gawain. Ang mga huwad na lider ay hindi gumagawa ng tunay na gawain—wala silang konsensiya at katwiran, tama ba? Kung talagang may konsensiya at katwiran sila, bakit hindi nila hinahanap ang katotohanan para lutasin ang mga problema kapag lumilitaw ang mga ito? Walang ipinanganak na alam ang lahat ng bagay; natututo ang lahat habang nagpapatuloy sila. Kung kaya mong hanapin ang katotohanan, mahahanap mo ang paraan para magawa ang gawain nang maayos. Kung mayroon kang pagpapahalaga sa responsabilidad, mag-iisip ka ng paraan para gawin nang maayos ang gawain. Ang paggawa ng gawain sa pamumuno ay hindi naman talaga mahirap; basta’t kayang hanapin ng isang tao ang katotohanan, madaling gawin nang maayos ang gawain. Bukod pa rito, may kapareha ang mga lider at manggagawa; basta’t may iisang puso at isipan ang dalawa o tatlong tao, madaling matupad ang anumang gawain. Sa kasalukuyan, maraming lider at manggagawa ang nagsasanay; nagsasanay sila sa paghahanap ng katotohanan sa lahat ng bagay para malutas ang mga problema. Sa puntong ito, kahit papaano ay may ilang lider at manggagawa na mahusay sa gawain sa pamumuno at ganap na may kakayahang gawin ang tungkulin ng pagpapalaganap ng ebanghelyo nang maayos, tama? (Tama.) Hanggang dito na muna ang ating pagbabahaginan para sa araw na ito. Paalam!

Hulyo 20, 2024

QR Code ng Website
ng Ebanghelyo

Ang Iglesia ng
Makapangyarihang Diyos App

Website ng Ebanghelyo
https://tl.kingdomsalvation.org

YouTube: https://l.kingdomsalvation.org/tl/video

Facebook: https://l.kingdomsalvation.org/tl/facebook

E-mail: contact.tl@kingdomsalvation.org
